ANG MGA KAPALIWANAGAN NG

AL-QUR'ÂN AL-KAREEM

SA MADALI NITONG PAGKAUNAWA

INIHANDA NG PILING-PILING GRUPO
NG MGA
TANYAG NA ISKOLAR

ISINALIN SA WIKANG FILIPINO NILA:
Dr. Aboulkhair S. Tarason, Ustaz Badi`udzaman S. Saliao at Muhammad M. Rodriguez

SINURI NI: **Dr. Muhammad Nadheer Ebil**

ABSOLUTELY
FREE

ICDO, JEDDAH, K. S. A.

بسم الله الرحمن الرحيم

Republic of the Philippines
BASILAN ISLAMIC COLLEGE
Isabela City, Basilan Province
S.E.C.Reg no : GN 2006 30752

جمهورية الفلبين
كلية باسيلان الإسلامية
مدينة إيسابيلا، محافظة باسيلان
التسجيل الحكومي : 200630752

الرقم / ٠١٠/٥٥ ب

التاريخ / ٢٩/٥/١٤٢٩هـ

معالي الشيخ / صالح بن عبد العزيز بن محمد آل الشيخ

وزير الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد حفظه الله ورعاه

السلام عليكم ورحمة الله وبركاته أما بعد :

فأسال الله سبحانه وتعالى أن يبقيكم عونا للإسلام والمسلمين ، كما أسأله جل وعلا لكم موفور الصحة والسعادة ، ولدولتكم المباركة مزيدا من التقدم والأمن والازدهار.

هذا ، وأفيد معاليكم بأني أحد طلاب جامعة أم القرى ، تخرجت من مرحلة الدكتوراه في الشريعة الإسلامية فرع العقيدة ، وقد رجعت إلى الفلبين لأباشر العمل في مجال التعليم والدعوة والإرشاد.

أرفع إلى معاليكم هذا الخطاب راجيا منكم التكرم بالموافقة على طباعة ترجمة تفسير معاني القرآن الكريم " التفسير الميسر " إلى اللغة الفلبينية الرسمية " تغالوغ " ، لأن نشر ترجمته بين الشعب الفلبيني له دور فعال في دعوة المسلمين وغير المسلمين إلى الإسلام ، ولأن الشعب الفلبيني معظمهم لا يعرفون اللغة العربية ، ولا يستطيعون قراءة القرآن الكريم ومعرفة ما فيه من الحق ، والعقيدة الصحيحة ، وفضل الشريعة الإسلامية على غيرها من الشرائع .

وبناء على ذلك ، وباعتباري أحد الأعضاء المترجمين والمراجعين للتفسير المذكور أعلاه وأن الترجمة موافقة على ضوء العقيدة الصحيحة فإني أوصي بأن يطبع في مجمع الملك فهد لطباعة المصحف الشريف .

وأسأل الله سبحانه أن يجزيكم خير الجزاء في خدمة الإسلام والمسلمين.

أخوكم في الإسلام

الدكتور أبوالخير س. تراسوس

رئيس مجلس العلماء ، وعميد كلية باسيلان الإسلامية

Mailing Address : Purok Sunshine,Sumagdang, Isabela City,Basilan Province, 7300 Philippines

بسم الله الرحمن الرحيم

الحمد لله وحده، والصلاة والسلام على من لا نبي بعده، وعلى آله وصحبه ومن والاه، أما بعد:

فقد اطَّلَعْتُ على ترجمة تفسير القرآن العظيم الذي قام به الإخوة: ١- الدكتور/ أبو الخير تاراسون، ٢- والشيخ بديع الزمان سالياو، ٣- والشيخ محمد رُودريجيز.

وفي أثناء مراجعتي لهذه الترجمة ركَّزتُ على الأمور المتعلقة بالناحية العقدية والشرعية؛ لما لهما من الأهمية الكبرى مما ليس في غيرهما، وقد تبين لي الأمور الآتية:

أولاً: سلامة الترجمة من الناحية العقدية، فالترجمة - ولله الحمد - على عقيدة أهل السنة والجماعة في تقرير آيات الصفات كما جاءت في القرآن الكريم أو وردت في السنة النبوية، والبعد عن التأويلات الفاسدة المخالفة لما كان عليه السلف الصالح - رضوان الله عليهم -.

ثانياً: صحة الترجمة في بيان الأحكام الشرعية التي اشتملت عليها آيات الأحكام.

ثالثاً: وردتْ في الترجمة بعض الإيضاحات التي تعين على فهم الآيات، واعتماد المترجمين - جزاهم الله خيرًا - على المصادر المعتمدة الموثوقة.

رابعاً: خلو الترجمة عن اللغة الغريبة التي قد لا يفهمها إلا القليل مِمَّن يتكلم بلغة الترجمة، وهذه ميزة تميزت بها هذه الترجمة، فالعبارات أو الكلمات المستخدمة في الترجمة سلسة واضحة سهلة ليس فيها أي تعقيد أو أسلوب صعب غير مفهوم.

وبناء عليه فقد كتبتُ هذا التقرير مبدياً فيه أنه لا مانع من تداول هذه الترجمة بين أيدي أصحاب اللغة ونشرها؛ لما فيها من النفع العظيم والخير الكثير.

وصلى الله وسلم على نبينا محمد وعلى آله وصحبه ومن سار على نهجه إلى يوم الدين.

كتبه



محمد نذير إبل

طالب في مرحلة الدكتوراه

قسم الفقه - كلية الشريعة

الجامعة الإسلامية بالمدينة النبوية

بتاريخ ١٤٢٩/١١/١٣هـ

التَّفسِيرُ المُيَسَّر

لمعاني القرآن الكريم باللغة الفلبينية

تشرف بالترجمة:

الدكتور: أبو الخير تراسون ، بديع الزمان سالم سالياو ،

محمد رودريجيز

تشرف بالمراجعة :

الدكتور: محمد نذير إيبل

بسم الله الرحمن الرحيم

مُقَدِّمَة

إن الحمد لله نحمده ونستعينه ونستغفره ونتوب إليه، ونعوذ بالله من شـــرور أنفســـنا، وسيئات أعمالنا، من يهده الله فلا مضل له، ومن يضلل فلا هادي له. ونشهد أن لا إله إلا الله وحده لا شريك له، ونشهد أن محمداً عبده ورسوله, صلوات الله وسلامه عليه وعلـــى آله وأصحابه ومن تبعهم بإحسان إلى يوم الدين, أما بعد:

فلما كانت الجالية الفلبينية في أمس الحاجة إلى كتاب النور والهداية، قمنا بمشـــروع ترجمة تفسير معاني القرآن الكريم إلى اللغة الفلبينية إسهاماً منّا في نشر كلام الله بأنحـــاء المعمورة، وإعانة للمسلمين في تدبر آياته ومقاصده على ضوء فهم السلف الصالح.

لذا بدأنا هذا العمل تحت إشراف المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليـــات بالمدينة الصناعية بجدة، وهو ترجمة التفسير الميسر، الذي أعـــده نخبـــة مـــن العلمـــاء، وأصدره مجمع طباعة المصحف الشريف في المدينة المنـــورة، تحـــت إشـــراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد، في المملكة العربية السعودية.

ولقد راعينا في هذه الترجمة الأمور التالية:

1-ترجمة التفسير من اللغة العربية مباشرة إلى اللغة الفلبينية .

2-التزمنا بوحدة الألفاظ القرآنية المتكررة ما لم تختلف معانيها وفقاً للسياق.

3-أبقينا بعض الكلمات العربية التي يتعذر ترجمتها بلفظها العربي، وقمنا بشرحها في الملحقات.

4-استخدمنا المصطلحات والتعبيرات الإسلامية عند الترجمة.

5-تجنبنا الترجمة الحرفية، والتفسير بالآراء المذهبية، و استخدام اللغة القديمة.

ومع ذلك، ومهما بذلنا من جهد في هذه الترجمة فإننا نعتقد جازمين أنا لن نصل إلى المقاصد العظيمة لنص القرآن المعجز، لأن القرآن معجزة خالدة إلى يوم القيامة.

وقبل الختام نتوجه بالشكر الجزيل إلى الله العلي القدير أن من علينا بنعمة الإسلام وبخدمة كتابه (القرآن الكريم)، ثم نتوجه بالشكر العميق لمعالي الشيخ/ صالح بن عبد العزيز بن محمد آل الشيخ وزير الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد، ولمجمع طباعة المصحف الشريف في المدينة المنورة، لاختياره لنا للقيام بترجمة التفسير الميسر إلى اللغة الفلبينية كما نتوجه بالشكر الجزيل إلى كل من ساهم في إنجاز هذا العمل العظيم، و إلى الإخوة الفلبينيين الدعاة الذين قدّموا ملاحظاتهم القيمة وقاموا بمراجعة الترجمة، والله نسأل أن يوفقنا ويهدينا إلى سواء السبيل. وصلى الله على نبينا محمد وعلى آله وصحبه و من تبعهم بإحسان إلى يوم الدين.

المتشرفون بالترجمة:

1- د. أبو الخير تراسون؛ دكتوراء في االعقيدة والأديان.
2- بديع الزمان سالم سالياو؛ بكالوريوس في الدعوة (عقيدة وأديان).
3-محمد رودريجيز؛ داعية متمرس.

تشرف بالمراجعة النهائية:

- د. محمد نذير إيبل، دكتوراه في الشريعة (الفقه وأصوله) مع مرتبة الشرف الأولى.

وآخر دعوانا أن الحمد لله رب العالمين

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

ANG PANIMULA

Katotohanan, ang Pagpuri ay sa Allâh (ﷻ) lamang, purihin natin Siya at hilingin natin ang Kanyang tulong. Humingi tayo ng kapatawaran at manumbalik sa Kanya. At hilingin natin ang kalinga Niya mula sa kasamaan ng ating mga sarili at mula sa mga masasamang ating nagawa.

Sinuman ang patnubayan ng Allâh (ﷻ), walang sinuman ang maaaring makapagligaw sa kanya, at sinuman ang Kanyang iligaw, ay hindi na siya makakikita pa ng sinuman, na kanyang magiging gabay at patnubay.

Tumitestigo kami na walang sinuman ang may karapatang sambahin kundi ang Allâh (ﷻ), Siya ay Nag-iisa lamang at walang katambal.

At tumitestigo rin kami na si Propeta Muhammad (ﷺ) ay Kanyang alipin at Sugo, sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan mula sa Allâh (ﷻ), sa kanyang mga pamilya, mga '*Sahabah*' (kasamahan) at gayundin sa lahat ng mabubuting tao na sumunod sa kanila hanggang sa katapusan ng daigdig.

At bilang pagpapatuloy: nang dahil sa matinding pangangailangan ng sambayanang Filipino sa Aklat bilang liwanag at gabay, ay isinagawa namin ang Proyektong pagsasalin ng kahulugan ng Dakilang Qur'ân sa pambansang wikang Filipinas – ang Filipino, bilang ambag mula sa amin sa pamamahagi ng mga Salita ng Allâh (ﷻ) sa buong daigdig, at bilang tulong sa mga Muslim nang sa ganoon ay masuri nila ang mga

talata nito at mabatid ang malalim na kahulugan, ayon sa tamang pagkaunawa ng mga kauna-unahang matatapat na mga Muslim.

Na kung kaya, sinimulan namin ang pagsasalin sa kahulugan ng '***At-Tafsîr Al-Muyassar*** ' [*Ang mga kapaliwanagan ng Al-Qur'ân Al-Kareem sa madali nitong pagkaunawa*]; na isinagawa ng mga piling-piling Paham ng Islâm, na inilathala ng "*King Fahd Complex*" para sa pagpapalimbag ng Dakilang Qur'ân," sa "*Al-Madinah Al-Munawwarah*," na nasa ilalim ng pangangasiwa ng "*Ministry of Islamic Affairs, Endowments, Da'wah and Guidance*," sa Kaharian ng Saudi Arabia.

'*Al-Hamdulillâh*,' sa kapahintulutan ng Allâh ay natapos na namin ngayong taon na ito (1431H) ang buong pagsasalin ng kahulugan sa ilalim ng pangangasiwa ng "*Industrial City Da`wah Office*," na matatagpuan sa Sanaiyah (Industrial City), Phase-I, Jeddah, K.S.A.

At katotohanan, na ang mga pamamaraan na aming isinaalang-alang sa pagsasalin nito ay ang mga sumusunod:

1.) Isinalin namin nang tuwiran ang kahulugan ng Qur'ân mula sa wikang *Arabic* patungo sa wikang Filipino.

2.) Pinagsikapan namin na pag-ugnay-ugnayin ang pagsasalin sa mga salita ng Dakilang Qur'ân na nabanggit sa iba't ibang mga talata, na gawin itong magkakatulad sa kahulugan ayon sa pagkakasaad ng bawa't pangungusap.

3.) Pinanatili namin ang ilang mga salita sa wikang *Arabic* na walang kasingkahulugan sa wikang Filipino at ito ay aming ipinaliwanag sa pamamagitan ng **Talatinigan** na aming ginawa, na matatagpuan sa duluhan ng babasahing ito.

4.) Ginamitan din namin ng mga pangungusap at mga terminong pang-Islâm.

5.) Iniwasan namin ang pagsasalin nang literal, pagbibigay ng sariling opinyon at paggamit ng mga makalumang salita.

Magkagayunpaman, kahit na gawin pa namin ang lahat ng aming makakaya ay hindi pa rin namin maaabot ang napakalawak na kahulugan ng Dakilang Qur'ân, dahil sa pagiging mahimala ng mga salita nito, na ito – ang Dakilang Qur'ân – ay mananatiling mahimala hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

At bago namin wakasan ang mga nabanggit na kapaliwanagan ay nais naming ituon ang aming lubos na pagpapasalamat sa Allâh (ﷻ) – ang Kataas-taasan at Nag-iisang Makapangyarihan – dahil sa pagkakaloob Niya sa amin ng biyayang Islam; at kagandahang-loob, sa pagpapahintulot Niya na makapaglingkod kami sa Kanya, sa pamamagitan ng pagtulong Niya sa amin na maisalin ang kahulugan ng Dakilang Qur'an.

At taos-puso rin kaming nagpapasalamat sa "*Mujamma"* at sa kagalang-galang na Ministro na si *Al-Sheikh Saleh bin Abdulaziz bin Muhammad Al-Sheikh* ng "*Ministry of Islamic Affairs, Endowments, Da`wah and Guidance*" (Ang Ministro sa mga Pang-Islamikong Kapakanan, Pagkakaloob [ng kawanggawa], Pagpapalaganap at Pamamatnubay); at bilang pangkalahatang Tagapangasiwa ng "*Mujamma"* --- Ang Magkakaugnay na mga Grupo ni Haring Fahd (*King Fahd Complex*) para sa pagpapalimbag ng Dakilang Qur'ân sa *Al-Madinah Al-Munawwarah*; sa pagpili nila sa amin na maisakatuparan ang pagsasalin ng mga kahulugan ng Dakilang Qur'ân sa wikang Filipino.

At itinutuon din namin ang aming pasasalamat sa lahat ng tumulong at napabilang sa dakilang gawaing ito, at ganoon din sa aming mga kapatid na Filipinong *Da`eeyah* (Tagapagpalaganap ng Mensahe) na nag-ambag at nagmungkahi ng kanilang mga mahahalagang puna at komentaryo, at sa pagsasagawa nila ng pagsusuri sa ginawang pagsasalin na ito.

At nananalangin kami sa Allâh (ﷻ) na gabayan at patnubayan kami tungo sa Matuwid na Landas, at ang pagpapala ng Allâh (ﷻ) ay mapasaating Propeta na si Muhammad (ﷺ), sa kanyang pamilya, sa kanyang mga '*Sahabah*' at sa lahat ng mababuting tao na sumunod sa kanila hanggang sa Huling Araw.

Ang mga nagsalin:

Dr. Aboulkhair S. Tarason – Doctorate sa Aqeedah, 1984 – 2002;
Ummul Qura University, Makkah Al-Mukarramah, K.S.A.
Ustaz Badi`udzaman S. Saliao – Da`wah at Aqeedah, 1984-88,
Ummul Qura University, Makkah Al-Mukarramah, K.S.A.
At Muhammad M. Rodriguez

Pangkalahatang Nagsuri: Dr. Nadheer Abdulmawla Ebil – Sharee`ah, 2003-2008, Islamic University, Al-Madinah Al-Munawwarah, K.S.A.

جمع القرآن الكريم : وهو على ثلاث مراحل

أولاً: جمعه في عهد الرسول صلى الله عليه وسلم أي كتابته وتدوينه:

اتخذ الرسول صلى الله عليه وسلم عدداً من الصحابة كتّابا، وكان إذا نزل عليه شيء من القرآن أمر أحدهم بكتابته, ويعرف هؤلاء بكتاب الوحي، ولنستمع لوصف الصحابيين منهم صفة هذا الجمع:

أ – فقال زيد بن ثابت رضي الله عنه : كنا عند رسول الله صلى الله عليه وسلم نؤلف القرآن من الرقاع أي نجمعه لترتيب آياته من الرقاع ... وروى عثمان بن عفان رضي الله عنه أن رسول الله صلى الله عليه وسلم، كان إذا نزل عليه شيء يدعو بعض من كان يكتبه فيقول: ضعوا هذه الآية في السورة التي يذكر فيها كذا وكذا... الحديثان في مستدرك الحاكم.

ومعظم كتاب الوحي يودعون ما يكتبون عند النبي صلى الله عليه وسلم ويتخذون نسخة لهم ، ولكن هذا الجمع لم يكن في مصحف واحد بل مفرقاً في الرقاع و الأكتاف واللخاف وغيرها كما يقول زيد بن ثابت رضي الله عنه, والحفاظ والكتاب حفظوه حسب ترتيب الآيات والسور.

ثانياً: جمع القرآن الكريم في عهد أبي بكر رضي الله عنه (جمعه في مصحف واحد)

بعد وفاة الرسول صلى الله عليه وسلم ارتدت بعض قبائل العرب، فأرسل أبو بكر رضي الله عنه, خليفة رسول الله صلى الله عليه وسلم الجيوش لقتال المرتدين وكان قوامهم من الصحابة رضوان الله عليهم وفيهم حفاظ القرآن، وقد قتل فيها عدد من القراء الذين يحفظون القرآن الكريم، فخشي بعض الصحابة أن يذهب شيء من القرآن بذهاب حفظته, فأراد أن يجمع القرآن في مصحف واحد بمحضر من الصحابة، وقصة ذلك رواه البخاري في صحيحه عن زيد بن ثابت رضي الله عنه, أنه قال: أرسل إلي أبو بكر – مقتل اليمامة – فإذا عمر بن الخطاب عنده، قال أبو بكر رضي الله عنه: أن عمر أتاني فقال: إن القتل قد استحر يوم اليمامة بقرّاء القرآن، وإني أخشى أن يستحر القتل بالقرّاء

بالمواطن، فيذهب كثير من القرآن، وإني أرى أن تأمر بجمع القرآن. قلت لعمر: كيف تفعل شيئاً لم يفعله رسول الله صلى الله عليه وسلم، قال عمر: هذا والله خير، فلم يزل عمر يراجعني حتى شرح الله صدري لذلك. و رأيت في ذلك الذي رأى عمر، قال زيد: قال أبو بكر: إنك رجل شاب عاقل لا نتهمك، وقد كنت تكتب الوحي لرسول الله صلى الله عليه وسلم، فتتبع القرآن فأجمعه.

"فوالله لو كلفوني نقل جبل من الجبال ما كان أثقل علي مما أمرني به من جمع القرآن" قلت: كيف تفعلون شيئاً لم يفعله رسول الله صلى الله عليه وسلم؟ فقال: هو والله خير، فلم يزل أبو بكر يراجعني حتى شرح الله صدري للذي شرح الله صدر أبي بكر وعمر رضي الله عنهما، فتتبعت القرآن أجمعه من العُسب واللِّخاف وصدور الرجال، حتى وجدت آخر سورة التوبة مع أبي خزيمة الأنصاري لم أجدها مع أحد غيره، ((لقد جاءكم رسول من أنفسكم عزيز عليه ما عنتم)) حتى خاتمة براءة، فكانت الصحف عند أبي بكر حتى توفاه الله، ثم عمر حياته، ثم عند حفصة بنت عمر رضي الله عنها. آه.

ثالثاً: جمع القرآن بمعنى نسخِهِ في عهد عثمان بن عفان رضي الله عنه:

عندما اتسعت الفتوحات الإسلامية انتشر الصحابة رضي الله عنهم في البلدان المفتوحة يعلّمون أهلها القرآن وأمور الدين، وكان كل صحابي يقرأ بما سمعه من الرسول صلى الله عليه وسلم، وفي بعضه ما لم يثبت في العرضة الأخيرة، وكان أهل الشام يقرؤون بقراءة أبي بن كعب رضي الله عنه, فيأتون بما لم يسمع به أهل العراق, وأهل العراق يقرؤون بقراءة عبد الله بن مسعود رضي الله عنه, فيكفّر بعضهم بعضاً... وكان عثمان بن عفان رضي الله عنه رأى نحو هذا في المدينة، فقد كان المعلم يعلم بقراءة, والمعلم الآخر يعلم بقراءة، فجعل الصبيان يلتقون فينكر بعضهم قراءة الآخر، فبلغ ذلك عثمان رضي الله عنه، فقام خطيباً وقال: أنتم عندي تختلفون فيه فتلحنون، فمن نأى عني من الأمصار أشد فيه اختلافاً وأشد لحناً، اجتمعوا يا أصحاب محمد واكتبوا للناس إماماً.

وقد روى البخاري في صحيحه قصة ذلك الجمع في حديث أنس بن مالك رضي الله عنه قال: أن حذيفة بن اليمان قدم على عثمان وكان يغازى أهل الشام في فتح "أرمينية

وأذربيجان" مع أهل العراق فأفزع حذيفة اختلافهم في القراءة، فقال حذيفة لعثمان: يا أمير المؤمنين أدرك هذه الأمة قبل أن يختلفوا في الكتاب اختلاف اليهود والنصارى، فأرسل عثمان إلى حفصة أن أرسلي إلينا بالصحف ننسخها في المصاحف ثم نردها إليك فأرسلت بها إلى عثمان"... وكان هذا الجمع في أواخر سنة 24 وأوائل سنة 25هـ . كما قال ابن حجر العسقلاني رحمه الله تعالى... وقد اختار عثمان رضي الله عنه أربعة لنسخ المصاحف هم: زيد بن ثابت، وعبد الله بن الزبير، وسعيد بن العاص، وعبد الرحمن بن الحارث بن هشام, وهؤلاء الثلاثة من قريش.

ANG PAGKALIKOM NG QUR'ÂN BILANG ISANG AKLAT?

Ito ay naganap sa tatlong yugto:

Unang Yugto: ang paglikom nito sa panahon ni Propeta Muhammad (ﷺ) bilang pagsulat nito.

Pumili ang Propeta (ﷺ) ng maraming '*sahâbah*' upang sa tuwing makakatanggap siya ng kapahayagan ng Dakilang Qur'ân ay uutusan niya ang isa o ilan sa kanila na isulat ito at sila ('*sahâbah*') ang binansagang '*Kuttâbal Wahi*' – mga tagasulat ng Rebelasyon. At pakinggan ang pagsalaysay ng dalawa sa kanila, batay sa pagkakasalin ng kahulugan:

Sinabi ni Zayd Ibnu Thabit (رضي الله عنه): "*Kami ang tagasulat at tagalikom ng Dakilang Qur'ân para kay Propeta Muhammad* (ﷺ) *at ito ay aming isinusulat sa balat ng hayop* (*na tinatawag na* '*riqa*`'), *na amin itong isinusulat ayon sa tamang pagkakasunud-sunod ng mga talata nito*."

Sinabi naman ni `Uthman Ibn Affan (رضي الله عنه): "*Katotohanan, ang Sugo ng Allâh* (ﷺ), *sa tuwing nagpapahayag sa kanya ang Allâh ng* '*Wahi*' (*Rebelasyon*) *ay tatawagin niya ang ilan sa kanyang mga tagasulat at kanyang sasabihin,* '*Ilagay ninyo ang talatang ito sa ganoong* '*sûrah*' (*o kabanata*) *na kung saan nabanggit doon ang ganito't ganoong kapahayagan.*'" Ang dalawang '*Hadith*' na ito ay matatagpuan sa *Mustadrak Al-Hakim*.

At karamihan sa mga tagasulat ng '*Wahi*' ay binibigyan nila ng kopya ang Propeta (ﷺ) at gumagawa rin sila para sa kanilang mga sarili ng kopya, subali't ang paglikom na ito ay hindi nalikom bilang isang aklat kundi ito ay hiwa-hiwalay na mga pahina na magkakasama (o magkakasalansan) na nakasulat sa mga balat ng hayop, mga malalapad na mga buto ng hayop, mga '*likhâf*' (o mga nakabalot na balat sa katawan ng puno) ng palmera ng datiles (o '*thamr*') at iba pa, ayon sa pagkasalaysay ni Zayd Ibnu Thabit (رضي الله عنه), at ang mga '*sahâbah*' na ito na tagasulat at tagasaulo ng Qur'ân ay saulado nila ito ayon sa kung paano nagkasunud-sunod ang mga talata ('*âyah*') at kabanata ('*sûrah*') nito.

Pangalawang Yugto: ang paglikom ng Qur'ân sa kapanahunan ni Abu Bakr (رضي الله عنه) na ang ibig sabihin ay pagsasabuo nito bilang isang aklat.

Pagkatapos ng pagkamatay ng Propeta (ﷺ) ay mayroon sa mga Arabo na lumabag sa kautusan ng Islâm bilang pagtalikod sa pangatlong haligi ng Islâm ('*zakât*'), na pagkatapos silang bigyan ng babala ng tatlong beses at hindi pa rin sila nanumbalik sa Islâm ay saka pa lamang nag-utos si Abu Bakr (رضي الله عنه) bilang pinuno ng mga Muslim na humalili sa Propeta (ﷺ), ng grupo ng mga sundalo upang makipaglaban sa mga taong yaon, at ang karamihan sa mga sundalong ito na ipinadala ay mga '*sahâbah*' na mga nakasaulo ng buong Qur'ân, hanggang sa marami ang namatay sa kanila sa labanang yaon, na kung kaya, nangamba ang

ilan sa mga '*sahâbah*' na maaaring mawala ang Qur'ân kapag nawala na ang mga yaong nakasaulo nito, na kung kaya, napagpasiyahan nila na likumin at gawing isang aklat ang Dakilang Qur'ân habang nandoroon pa at buhay ang mga '*sahâbah*' na nakasaulo nito.

At ang kuwento ng pangyayaring ito ay nasa mapapanaligang '*Hadith*' ni Imâm Bukhâri, mula sa pagsasalaysay ni Zayd Ibnu Thabit (ﷺ), batay sa pagkakasalin ng kahulugan, na kanyang sinabi: "*Pinapunta ako ni Abu Bakr* (ﷺ) *sa kanya noong marami nang namatay sa labanan sa Yamamah at naroroon na kasama niya si `Umar Ibnul Khattab* (ﷺ), ***sinabi ni Abu Bakr*** (ﷺ): '*Katotohanan, si `Umar* (ﷺ) *ay dumating sa akin,* ***at kanyang sinabi***: '*Katotohanan, marami ang namatay sa labanan sa Yamamah mula sa mga tagabigkas at nakasaulo ng Qur'ân, na kung kaya, ako ay nangangamba na darami pa ang mamatay sa kanila sa iba pang labanan na magiging sanhi ng pagkawala ng karamihan na nakasaulo ng Qur'ân, at nakikita ko na nararapat na ipag-utos mo ang paglikom ng Qur'ân*.' ***Sinabi ko kay `Umar*** (ﷺ): '*Paano ko gagawin ang isang bagay na hindi ginawa ng Sugo ng Allâh* (ﷺ)*?*' ***Sinabi ni `Umar*** (ﷺ): '*Sumusumpa ako sa Allâh, na ito ay isang mabuting gawa,*' *at patuloy si `Umar* (ﷺ) *na inulit-ulit sa akin ang salitang ito hanggang sa binuksan ng Allâh ang aking puso sa bagay na ito at sumang-ayon ako sa nakikita ni `Umar* (ﷺ).'

"***Sinabi ni Zayd*** (ﷺ): '*Sinabi ni Abu Bakr* (ﷺ): '*Katotohanan, ikaw ay nasa kabataan pa at matalino na hindi ka namin napagbintangan ng anumang masamang gawain, at katotohanan na ikaw ang pinakapangunahing tagasulat ng* '***Wahi***' *para sa Sugo ng Allâh* (ﷺ)*, na kung kaya, pagsama-samahin mo at tipunin ang lahat ng mga pahina ng Qur'ân*.'

"*At sumusumpa ako sa Allâh na kung pinag-utusan lamang nila ako ng paglipat ng isa sa mga kabundukan ay hindi magiging mahirap sa akin, na hihigit sa kanilang ipinag-utos sa akin na paglikom ng Qur'ân*.

"***Aking sinabi***: '*Paano ninyo gagawin ang isang bagay na hindi ginawa ng Sugo ng Allâh?*(ﷺ)' *Sinabi ni Abu Bakr* (ﷺ): '*Sumusumpa ako sa Allâh, na ito ay isang mabuting gawa!*' *At patuloy si Abu Bakr na inulit-ulit sa akin ang salitang ito hanggang sa binuksan ng Allâh ang aking kalooban na katulad ng pagbukas Niya sa kalooban ni Abu Bakr at kalooban ni `Umar* (*na kinalugdan silang dalawa ng Allâh*)*, na kung kaya, pinagsama-sama ko at tinipon ang lahat ng pahina ng Dakilang Qur'ân mula sa mga balat ng hayop at sa mga* '*likhâf*' *at sa mga kalooban ng mga kalalakihan na nakasaulo nito, hanggang sa mapag-alaman ko na ang nakasaulo lamang ng dulo o huling talata ng* '***Surat At-Tawbah***' *ay si Abu Khuzaymah Al-Ansari* (ﷺ), na wala akong natagpuan na nakasaulo nito mula sa kanila maliban sa kanya, na sa talatang yaon ay sinabi ng Allâh, batay sa pagkakasalin ng kahulugan: "*At kapag tumalikod ang mga* '*Mushrikûn*' *at ang mga* '*Munâfiqûn*' *sa paniniwala sa iyo, O Muhammad* (ﷺ)*, sabihin mo sa kanila*: '*Sapat na sa akin ang Allâh* (ﷻ) *at sapat na sa akin ang Kanyang pangangalaga*

*sa anumang aking mga suliranin, '**Lâ ilâha illa Huwa**' – walang sinumang diyos na sinasamba o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya, sa Kanya ako nagtitiwala at sa Kanya ko ipinauubaya ang lahat hinggil sa akin; dahil Siya sa katotohanan ang aking Tagapangalaga at Siya ang '**Rabbul `Arshil Adzeem**' – '*Rabb*' *na Nagmamay-ari ng Dakilang* '*`Arsh*' (*Trono*), *na ito ang pinakadakila sa lahat ng Kanyang mga nilikha.*'"* Ang mga kapaliwanagan ng Al-Qur'ân Al-Kareem sa madali nitong pagkaunawa, Surat At-Tawbah 9:129.

Pagkatapos malikom ang lahat ng ito bilang isang Aklat ay nanatili ito kay Abu Bakr (ﷺ) hanggang sa kanyang pagkamatay. At ang pagkatapos niya ay kay `Umar (ﷺ) naman hanggang sa kanyang pagkamatay din, pagkatapos ay nailipat ito sa pangangalaga ng anak ni `Umar (ﷺ) na si Hafsah (*radiyallâhu `anha*) na isa sa mga asawa ni Propeta Muhammad (ﷺ).

Pangatlong Yugto: Ang pagkalikom ng Dakilang Qur'ân bilang isang Aklat, na ang ibig sabihin ay ang pagsasagawa ng mga kopya nito sa kapanahunan ni `Uthman Ibn Affan (ﷺ).

Noong lumawak na ang nasasakupan ng Islâm at kumalat na ang mga '*sahâbah*' sa iba't ibang lugar na napasok ng Islâm upang ituro ang Dakilang Qur'ân at ang mga alituntunin ng Islâm, ang bawa't '*sahâbah*' ay binibigkas niya ang Dakilang Qur'ân ayon sa kanyang narinig sa Propeta (Muhammad ﷺ), at dapat na mabatid na mayroong pitong kilalang pamamaraan sa pagbibigkas ng Qur'ân mula sa Propeta, na kung kaya, mayroon sa kanila na ang kanyang pagbibigkas ay hindi napatunayan ang ganoong pagkabigkas ayon sa huling pagbigkas ni Anghel Jibril (عليه السلام) sa kabuuan ng Qur'ân, na kung kaya, ang mga taga-Sham ay nagbabasa ng Dakilang Qur'ân ayon sa kanilang natutunan na pagbibigkas mula kay `Ubay Ibn Ka`b (ﷺ). At maaaring sila ay makapagbigkas ng pamamaraan na hindi narinig ng mga taga-Iraq, at ang mga taga-Iraq naman ay binibigkas nila ang Qur'ân ayon sa kanilang natutunan na pagbibigkas kay Abdullah Ibn Mas`ud (ﷺ), at maaaring sila ay makapagbigkas ng pamamaraan na hindi narinig ng mga taga-Sham, kaya minamali nila ang isa't isa at nagbibintangan sila sa isa't isa ng paglabag sa kautusan.

Si `Uthman (ﷺ) naman ay ganoon din ang kanyang nakikita sa Al-Madinah Al-Munawwarah, sa katunayan ay may nangyari na ang isang tagaturo ng pagbibigkas ng Qur'ân ay nakapagturo ng isang pamamaraan ng pagbibigkas at ang ibang guro naman ay ibang pamamaraan ang kanyang itinuturo na pagbibigkas, na kung kaya, kapag nagkatagpo ang kanilang mag-aaral na kabataan ay kapwa pinupuna ang paraan ng pagbibigkas at nagtatanggihan sa isa't isa, gayong katotohanan ay tama silang lahat sa kanilang pagbibigkas subali't hindi dumating sa kanila ang ganoong kaalaman.

At ang pangyayaring ito ay nakarating kay `Uthman (ﷺ). At siya ay tumayo at nagbigay ng payo at kanyang sinabi: *"Kayo ay nasa akin pa subali't kayo ay hindi na nagkakasundu-sundo, at nagpapaligsahan sa pagbibigkas kung sino ang tama, na kung kaya, kung ang ganitong pangyayari ay naganap mismo rito sa aking harapan ay gaano pa kaya roon sa kanila na nakatira sa mga malalayong lugar, ay seguradong mas matindi ang kanilang pagkakasalungatan, na kung kaya, magsama-sama kayo, O mga tagasunod ni Muhammad at magsulat kayo ng Qur'ân para maging batayan ng mga tao, na gawing iisa na lamang ang paraan ng pagbibigkas*."

Sa isa pang Hadith ni Imam Bukhari, ang kuwento ng paglikom na ito ayon sa pagkasalaysay ni Anas Ibnu Malik, na kanyang sinabi: *"Katotohanan, si Hudhayfah Ibnul Yaman* (ﷺ) *ay dumating kay `Uthman* (ﷺ) *na kung saan kasama ng mga nakipaglaban na mga taga-Sham noong kanilang pasukin ang Armenia at Adrabijan* (*bahagi ng Russia*) *na kasama ang mga taga-Iraq at matindi ang pagkagulat ni Hudhayfah sa kanilang pagkakaiba sa pagbibigkas ng Qur'ân, at sinabi ni Hudhayfah kay `Uthman* (ﷺ): *"O Amir Al-Mu`minin, agapan mo ang 'Ummah'* (*sambayanan*) *na ito bago sila magkasalungatan sa Aklat na Qur'ân na katulad ng pagkakasalungatan ng mga Hudyo at mga Kristiyano, na kung kaya, nag-utos si `Uthman* (ﷺ) *ng tao tungo kay Hafsah na kanyang sinabi*: *Ipadala mo sa amin ang 'Mushaf'* (*Qur'ân*) *at kokopya kami mula rito ng maraming kopya, pagkatapos ay ibabalik ito sa iyo, kaya ipinadala ni Hafsah* ('*radiyallâhu `anha*') *ang 'Mushaf' kay `Uthman* (ﷺ)."

Mula rito ay gumawa sila ng pitong kopya, na pinangunahang muli ni Zayd Ibnu Thabit (ﷺ) kasama ang ilang mga Pantas sa Qur'ân. Nang makumpleto na nila ang pagkakakopya rito, muli nilang ibinalik kay Hafsah ('*radiyallâhu `anha*') ang orihinal. Mula sa pitong kopyang ito, ang isa ay ipinadala nila sa Makkah, ang isa ay sa Syria, ang isa ay sa Basrah, ang isa ay sa Kufah, ang isa ay sa Yemen, ang isa ay sa Bahrain, at ang isa ay hinabilin nila sa kapital o kabisera, ang Al-Madeenah. Sa bawa't kopya ng Qur'ân na ipinadala sa bawa't lugar ay may kasamang isang maalam sa pagbibigkas ng Qur'ân upang magturo sa kanila, nang sa gayon ay maiwasan ang anumang suliranin na maaaring mangyari sa darating na panahon.

Ang mga Muslim noon ay mayroong mga nakatabi na personal nilang kopya na mga baha-bahagi ng Kapahayagan ng Qur'ân, bale ito iyong mga nalikom nila. Subali't, dahil sa napagsama na ang buong Qur'ân bilang isang Aklat, na kung kaya, inutusan silang lahat ni `Uthman (ﷺ) na sunugin ang kanilang mga personal na kopya o anumang pinanghahawakan nilang mga pahina ng Qur'ân na hindi buo ang pagkakalikom upang maiwasan ang '*fitnah*' (pagkakasalungatan o kaguluhan).

Samakatuwid, sinunog nilang lahat ang kanilang mga personal na kopya, at ginawa nilang basehan ang binuo bilang isang aklat na pinagkasunduan ng lahat,

na kung kaya, ito bale ang naging opisyal na kopya, na tinawag na *Mushaf `Uthman*. Sa ganitong paraan napangalagaan ang Qur'ân mula sa pagbabago at pagkawala: Sinabi ng Allah (ﷻ) batay sa pagkakasalin: "*Walang pag-aalinlangan, Kami ang nagbaba ng Qur'ân kay Propeta Muhammad at walang pag-aalinlangan na Kami rin ang patuloy na mangangalaga nito mula sa pagdaragdag o pagbabawas, o sa anumang kasiraan*." Ang mga kapaliwanagan ng Al-Qur'ân Al-Kareem sa madali nitong pagkaunawa, Surat Al-Hijr 15:9.

At itong paglikom ay nangyari noong patapos na ang taon na ika-24 at paumpisa ng taon na ika-25 ng Hijrah ayon sa pagkasalaysay ni Ibnu Hajar Al-Asqalani, '*rahimahullâh*,' at pinili ni `Uthman (ﷺ) ang apat sa mga '*sahâbah*' sa tungkuling ito na sina ay Zayd Ibnu Thabit (ﷺ), `Abdullah Ibnu Zubayr (ﷺ), Said Ibnul `As (ﷺ) at saka si Abdulrahman Ibnul Harith Ibnu Hisham (ﷺ), na itong tatlong huli ay mula sa angkan ng Quraysh.

الاستعاذة

Al-Isti`â-dha – Ang paghingi ng kalinga sa Allah o Pagpapaadya

(أعوذ بالله من الشيطان الرجيم)

(*a-` û-dhu bil-lâ-hi mi-nash-shay-tânir rajeem*)

Ginawang panuntunan ng Allâh (ﷻ) sa lahat ng nagbabasa ng Dakilang Qur'ân, na hilingin ang kalinga Niya mula sa '*Shaytân*' na isinumpa, na Kanyang (ﷻ) sinabi batay sa pagkakasalin: "*At kung nais mo, O ikaw na naniwala sa Allâh, na bigkasin ang anumang talata sa Kabanal-banalan na Qur'ân ay hilingin mo ang kalinga ng Allâh* (ﷻ) *mula sa kasamaan ni* '*Shaytân*' *na isinumpa at inilayo mula sa Awa ng Allâh.*" (Qur'ân, Sûrat an-Nahl 16:98)

Dahil sa ang Dakilang Qur'ân ay gabay sa sangkatauhan at lunas sa mga sakit na pagkaligaw ng puso. At si '*Shaytân*' ay nagdudulot ng mga masasama at mga paglilinlang, na kung kaya, inutusan ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng nagbabasa ng Qur'ân na gawin nilang Tagapangalaga ang Allâh (ﷻ) mula sa isinumpang '*Shaytân*' at sa kanyang pambubuyo, at sa kasamaan ng kanyang mga tagasunod.

At nagkasundo ang mga Pantas ng Islam na ang *isti`âdha* ay hindi kabilang sa Dakilang Qur'ân, na kung kaya, hindi ito naisulat sa Qur'ân.

At ang kahulugan ng ***"a-`û-dhu bil-lâh"*** ay hinihingi ko tanging sa Allâh lamang na nag-iisa, ang Kanyang kalinga, nagpapakupkop ako sa Kanya at hinihiling ko na pangalagaan Niya ako;

"mi-nash-shay-tân" --- mula kay '*Shaytân*' at sa lahat ng mga walang-galang na masuwayin mula sa mga jinn at mga tao, na nililihis niya ako sa pagsunod sa aking '***Rabb***' (Allâh ﷻ) na Tagapaglikha at sa pagbabasa ng Kanyang Aklat;

"ar-rajeem" --- ang isinumpa na malayo sa lahat ng kabutihan. Ito ang kahulugan ng *isti`âdha.*

PAHINA	MGA NILALAMAN	ARABIC
1	**I – Sûrat Al-Fâtihah** [1] [**Kabanata Al-Fâtihah** – Ang Pambungad]	**سورة الفاتحة 1**
5	**II – Sûrat Al-Baqarah** [2] [**Kabanata Al-Baqarah –** Ang Baka]	**سورة البقرة 2**
107	**III – Sûrat Ãle `Imrân** [3] [**Kabanata Ãle `Imrân** – Ang Pamilya ni `Imrân]	**سورة آل عمران 3**
163	**IV – Sûrat An-Nisâ`** [4] [**Kabanata An-Nisâ`** – Ang mga Kababaihan]	**سورة النساء 4**
223	**V – Sûrat Al-Mâ`idah** [5] [**Kabanata Al-Mâ`idah –** Ang Hapag-Kainan na may mga Nakalatag na mga Pagkain mula sa Kalangitan]	**سورة المائدة 5**
271	**VI – Sûrat Al-An`âm** [6] [**Kabanata Al-An`âm** – Ang mga Hayop]	**سورة الأنعام 6**
320	**VII – Sûrat Al-A`râf** [7] [**Kabanata Al-A`râf** – Ang Mataas na Lugar]	**سورة الأعـــراف 7**
373	**VIII – Sûrat Al-Anfâl** [8] [**Kabanata Al-Anfâl** – Ang mga Nakuha sa Labanan na mga Yaman]	**سورة الأنفال 8**
394	**IX – Sûrat At-Tawbah** [9] [**Kabanata At-Tawbah** – Ang Pagsisisi]	**سورة التـــوبة 9**
436	**X – Sûrat Yûnus** [10] [**Kabanata Yûnus** – (Si Propeta) Yûnus (Jonah ﷺ)]	**سورة يونس 10**
462	**XI – Surat Hûd** [11] [**Kabanata Hûd** – (Si Propeta) Hûd ﷺ]	**سورة هود 11**
491	**XII – Sûrat Yûsuf** [12] [**Kabanata Yûsuf** – (Si Propeta) Joseph ﷺ]	**سورة يوسف 12**
518	**XIII – Sûrat Ar-Ra`d** [13] [**Kabanata Ar-Ra`d** – Ang Kidlat]	**سورة الرعد 13**

PAHINA	MGA NILALAMAN	ARABIC
531	**XIV – Sûrat Ibrâhîm** [14] [**Kabanata Ibrâhîm** – (Si Propeta) Abraham ﷺ]	**سورة إبراهيم 14**
545	**XV – Sûrat Al-Hijr** [15] [**Kabanata Al-Hijr** – Mga Malalaking Bato na Gabundok o mga Batong Bundok]	**سورة الحجر 15**
559	**XVI – Sûrat An-Nahl** [16] [**Kabanata An-Nahl** – Ang mga Bubuyog]	**سورة النحل 16**
590	**XVII – Sûrat Al-Isrâ`** [17] [**Kabanata Al-Isrâ`** – Ang Paglalakbay Sa Gabi]	**سورة الإسراء 17**
617	**XVIII – Surat Al-Kahf** [18] [**Kabanata Al-Kahf** – Ang Yungib]	**سورة الكهف 18**
641	**XIX – Sûrat Maryam** [19] [**Kabanata Maryam** – (Si Birheng) Maria ﷺ]	**سورة مريـــم 19**
656	**XX – Sûrat Tâ-Hâ** [20] [Kabanata Tâ-Hâ – (Mga Titik) Tâ-Hâ]	**سورة طه 20**
676	**XXI – Sûrat Al-Anbiyâ`** [21] [**Kabanata Al-Anbiyâ`** – Ang mga Propeta	**سورة الأنبياء 21**
697	**XXII – Sûrat Al-Hajj** [22] [**Kabanata Al-Hajj** – Ang Paglalakbay (sa Banal na Tahanan ng Pagsamba sa Allâh ﷻ)]	**سورة الحج 22**
720	**XXIII – Sûrât Al-Mu`minûn** [23] [**Kabanata Al-Mu`minûn** – Ang Mga Mananampalataya]	**سورة المؤمنون 23**
737	**XXIV – Surât An-Nûr** [24] [**Kabanata An-Nûr** – Ang Liwanag]	**سورة النور 24**
757	**XXV – Surât Al-Furqân** [25] [Kabanata Al-Furqân – Ang Pamantayan]	**سورة الفرقان 25**
773	**XXVI – Surât Ash-Shu`arâ`** [26] [**Kabanata Ash-Shu`arâ`** – Ang Mga Manunula]	**سورة الشعراء 26**
800	**XXVII – Sûrat An-Naml** [27] [**Kabanata An-Naml** – Ang Mga Langgam]	**سورة النمل 27**

PAHINA	MGA NILALAMAN	ARABIC
820	**XXVIII – Sûrat Al-Qasas** [28] [**Kabanata Al-Qasas** – Ang Pagsasalaysay]	سورة القصص **28**
842	**XXIX – Sûrat Al-`Ankabût** [29] [**Kabanata Al-`Ankabût** – Ang Gagamba]	سورة العنكبوت **29**
858	**XXX – Sûrat Ar-Rûm** [30] [**Kabanata Ar-Rûm** – Ang Mga Romano]	سورة الروم **30**
873	**XXXI – Sûrat Luqmân** [31] [**Kabanata Luqmân** – Si Luqmân]	سورة لـــقمان **31**
882	**XXXII – Sûrat As-Sajdah** [32] [**Kabanata As-Sajdah** – Ang Pagpapatirapa]	سورة السجدة **32**
889	**XXXIII – Sûrat Al-Ahzâb** [33] [**Kabanata Al-Ahzâb** – Ang Mga Nagtulung-tulong Na Grupo]	سورة الأحزاب **33**
911	**XXXIV – Sûrat Saba`** [34] [**Kabanata Saba`** – Sambayanan ng Saba`]	سورة سبإ **34**
924	**XXXV – Sûrat Fâṭir** [35] [**Kabanata Fâṭir** – Ang Nagpanimula ng Paglikha]	سورة فـــاطر **35**
935	**XXXVI – Sûrat Yã-Sĩn** [36] [Kabanata Yã-Sĩn – (Mga Titik) Yã-Sĩn]	سورة يـــس **36**
948	**XXXVII – Sûrat As-Sâffât** [37] [**Kabanata As-Sâffât** – Ang Mga Yaong Nakahanay Nang Pantay-Pantay na mga Anghel]	سورة الصافات **37**
967	**XXXVIII – Sûrat Sãd** [38] [**Kabanata Sãd** – (Ang Titik) Sãd]	سورة ص **38**
981	**XXXIX – Surât Az-Zumar** [39] [**Kabanata Az-Zumar** – Ang Mga Grupo]	سورة الزمر **39**
1002	**XL – Sûrat Ghâfir** [40] [**Kabanata Ghâfir** – Ang Tagapagpatawad]	سورة غـــافر **40**
1023	**XLI – Sûrat Fussilat** [41] [**Kabanata Fussilat** – Nilinaw At Ipinaliwanag Ang Mga Ito Nang Ganap]	سورة فصّلت **41**

PAHINA	MGA NILALAMAN	ARABIC
1036	**XLII – Sûrat Ash-Shûrã** [42] [**Kabanata Ash-Shûrã** – Ang Pagsangguni]	سورة الشورى **42**
1051	**XLIII – Sûrat Az-Zukhruf** [43] [**Kabanata Az-Zukhruf** – Mga Palamuti]	سورة الزخرف **43**
1069	**XLIV – Sûrat Ad-Dukhân** [44] [**Kabanata Ad-Dukhân** – Ang Usok]	سورة الدخان **44**
1078	**XLV – Sûrat Al-Jâthiyah** [45] [**Kabanata Al-Jâthiyah** – Ang Paninikluhod]	سورة الجاثية **45**
1087	**XLVI – Sûrat Al-Ahqâf** [46] [**Kabanata Al-Ahqâf** – Mga Kurba Ng Mga Buhangin (o Mga Lambak Na Buhangin)]	سورة الأحقاف **46**
1096	**XLVII – Sûrat Muhammad** [47] [**Kabanata Muhammad** – (Si Propeta) Muhammad ﷺ]	سورة محـــمـــد **47**
1105	**XLVIII – Sûrat Fath** [48] [**Kabanata Al-Fath** – Ang Malinaw na Tagumpay o Pangingibabaw]	سورة الفتح **48**
1114	**XLIX – Sûrat Al-Hujurât** [49] [**Kabanata Al-Hujurât** – Ang Mga Tirahan]	سورة الحجرات **49**
1119	**L – Sûrat Qâf** [50] [**Kabanata Qâf** – (Ang Titik) Qâf]	سورة ق **50**
1126	**LI – Sûrat Adh-Dhâriyât** [51] [**Kabanata Adh-Dhâriyât** – Ang Mga Hangin Na Nagpapakalat Ng Mga Alikabok]	سورة الذاريات **51**
1133	**LII – Sûrat At-Tûr** [52] [**Kabanata At-Tûr** – (Ang Bundok ng) Tûr]	سورة الطور **52**
1140	**LIII – Sûrat An-Najm** [53] [**Kabanata An-Najm** – Ang Bituin]	سورة النجم **53**
1147	**LIV – Sûrat Al-Qamar** [54] [**Kabanata Al-Qamar** – Ang Buwan]	سورة القمر **54**
1155	**LV – Sûrat Ar-Rahmân** [55] **[Kabanata Ar-Rahmân** – Ang Pinakamahabagin]	سورة الرحمن **55**

PAHINA	MGA NILALAMAN	ARABIC
1165	**LVI – Sûrat Al-Wâqi`ah** [56] [**Kabanata Al-Wâqi`ah** – Ang Matinding Pangyayari]	سورة الواقعة **56**
1172	**LVII – Sûrat Al-Hadîd** [57] [**Kabanata Al-Hadîd** – Ang Bakal]	سورة الحديد **57**
1182	**LVIII – Sûrat Al-Mujâdilah** [58] [**Kabanata Al-Mujâdilah** – Ang Babaing Sumasangguni]	سورة المجادلة **58**
1190	**LIX – Sûrat Al-Hashr** [59] [**Kabanata Al-Hashr** – Ang Pagtitipon]	سورة الحشر **59**
1199	**LX – Sûrat Al-Mumtahanah** [60] [**Kabanata Al-Mumtahanah** – Ang Babae na Sinubok]	سورة الممتحنة **60**
1204	**LXI – Sûrat As-Saff** [61] [**Kabanata As-Saff** – Ang Hanay o ang Hilera]	سورة الصف **61**
1208	**LXII – Sûrat Al-Jumu`ah** [62] [**Kabanata Al-Jumu`ah** – Ang (Araw ng) Jumu`ah (Biyernes)]	سورة الجمعة **62**
1211	**LXIII – Sûrat Al-Munâfiqûn** [63] [**Kabanata Al-Munâfiqûn** – Ang Mga Mapagkunwari]	سورة المنافقون **63**
1214	**LXIV – Sûrat At-Taghâbun** [64] [**Kabanata At-Taghâbun** – Ang Pagiging Talunan (ng mga papasok sa Impiyerno)]	سورة التغابن **64**
1219	**LXV – Sûrat At-Talâq** [65] [**Kabanata At-Talâq** – Ang Paghihiwalay (o Diborsiyo)]	سورة الطلاق **65**
1223	**LXVI – Sûrat At-Tahrîm** [66] [**Kabanata At-Tahrîm** – Ang Pagbabawal o Pagpipigil]	سورة التحريم **66**
1227	**LXVII – Sûrat Al-Mulk** [67] [**Kabanata Al-Mulk** – Ang Kaharian]	سورة المـــلك **67**
1233	**LXVIII – Sûrat Al-Qalam** [68] [**Kabanata Al-Qalam** – Ang Panulat]	سورة القـــلم **68**

PAHINA	MGA NILALAMAN	ARABIC
1240	**LXIX – Sûrat Al-Hâqqah** [69] [**Kabanata Al-Hâqqah** – Ang Pangyayari Na Hindi Maaaring Pigilin]	سورة الــحاقة **69**
1244	**LXX – Sûrat Al-Ma`ârij** [70] [**Kabanata Al-Ma`ârij** – Ang Mga Daan Ng Pag-Akyat o Pag-angat]	سورة الــمعارج **70**
1247	**LXXI – Sûrat Nûh** [71] [**Kabanata Nûh** – (Si Propeta) Nûh (Noah)]	سورة نــوح **71**
1251	**LXXII – Sûrat** '***Al-Jinn***' [72] [**Kabanata '*Al-Jinn*'** – Ang mga '*Jinn*']	سورة الجــن **72**
1257	**LXXIII – Sûrat Al-Muzzammil** [73] [**Kabanata Al-Muzzammil** – Ang Nagtalukbong ng Buong Katawan]	سورة الــمــزمل **73**
1261	**LXXIV – Sûrat Al-Muddaththir** [74] [**Kabanata Al-Muddaththir** – Ang Nagbalabal (o Nagtakip Ng Katawan)]	سورة الــمــدثر **74**
1266	**LXXV – Sûrat Al-Qiyâmah** [75] [**Kabanata Al-Qiyâmah** – Ang Pagkabuhay Na Mag-uli]	سورة القــيامة **75**
1269	**LXXVI – Sûrat Al-Insân o Ad-Dahr** [76] [**Kabanata Al-Insân o Ad-Dahr** – Ang Tao o Ang Panahon]	سورة الإنســان **76**
1274	**LXXVII – Sûrat Al-Mursalât** [77] [**Kabanata Al-Mursalât** – Yaong Mga Ipinapadala (Na Mga Hangin O Mga Anghel)]	سورة الــمرسلات **77**
1279	**LXXVIII – Sûrat An-Naba`** [78] [**Kabanata An-Naba`** – Ang Balita]	سورة الــنبإ **78**
1283	**LXXIX – Sûrat An-Nâzi`ât** [79] [**Kabanata An-Nâzi`ât** – Yaong Mga Humahablot (Ng Mga Kaluluwa)]	سورة الــنــازعــات **79**
1287	**LXXX – Sûrat `Abasa** [80] [**Kabanata `Abasa** – Nagkunot ng Noo]	سورة عــبــس **80**
1290	**LXXXI – Sûrat At-Takwîr** [81] [**Kabanata At-Takwîr** – Ang Pagpulupot]	سورة الــتكويــر **81**

PAHINA	MGA NILALAMAN	ARABIC
1292	**LXXXII – Sûrat Al-Infitâr** [82] [**Kabanata Al-Infitâr** – Ang Pagkakasambulat (o Pagkakawasak Ng Mga Kalangitan)]	**سورة الانفـــطار 82**
1293	**LXXXIII – Sûrat Al-Mutaffifîn** [83] [**Kabanata Al-Mutaffifîn** – Ang Mga Mandaraya]	**سورة الـــمطـــففين 83**
1296	**LXXXIV – Sûrat Al-Inshiqâq** [84] [**Kabanata Al-Inshiqâq** – Ang Pagkakabiyak-biyak]	**سورة الانشقاق 84**
1299	**LXXXV – Sûrat Al-Burûj** [85] [**Kabanata Al-Burûj** – Ang mga Dakilang Bituin]	**سورة البروج 85**
1301	**LXXXVI – Sûrat At-Târiq** [86] [**Kabanata At-Târiq** – Bituin na Naglalagos ang Liwanag nito sa Kaningningan]	**سورة الطـــارق 86**
1302	**LXXXVII – Sûrat Al-A`lã** [87] [**Kabanata Al-A`lã** – Ang Kataas-Taasan]	**سورة الأعـــلى 87**
1304	**LXXXVIII – Sûrat Al-Ghâshiyah** [88] [**Kabanata Al-Ghâshiyah** – Ang Kagimbal-gimbal]	**سورة الغـــاشـــيـــة 88**
1306	**LXXXIX – Sûrat Al-Fajr** [89] [Ang Pamimitak ng Liwanag]	**سورة الفـــجـــر 89**
1308	**XC – Sûrat Al-Balad** [90] [**Kabanata Al-Balad** – Ang Lungsod (ng Makkah)]	**سورة الـــبـــلـــد 90**
1310	**XCI – Sûrat Ash-Shams** [91] [**Kabanata Ash-Shams** – Ang Araw]	**سورة الـــشـــمـــس 91**
1311	**XCII – Sûrat Al-Layl** [92] [**Kabanata Al-Layl** – Ang Gabi]	**سورة الـــلـــيـــل 92**
1313	**XCIII – Sûrat Adh-Dhuhâ** [93] [**Kabanata Adh-Dhuhâ** – Ang Umaga]	**سورة الضـــحى 93**
1314	**XCIV – Sûrat Ash-Sharh** [94] [**Kabanata Ash-Sharh** – Ang Kaginhawahan	**سورة الـــشـــرح 94**
1315	**XCV – Sûrat At-Tîn** [95] [**Kabanata At-Tîn** – Ang Igos]	**سورة الـــتـــين 95**

PAHINA	MGA NILALAMAN	ARABIC
1316	**XCVI – Sûrat Al-`Alaq** [96] [**Kabanata Al-`Alaq** – Ang Namuong Dugo]	سورة العلق **96**
1318	**XCVII – Sûrat Al-Qadr** [97] [**Kabanata Al-Qadr** – Ang (Gabi Ng) Qadr]	سورة القدر **97**
1318	**XCVIII – Sûrat Al-Bayyinah** [98] [**Kabanata Al-Bayyinah** – Ang Malinaw Na Palatandaan]	سورة البينة **98**
1320	**XCIX – Sûrat Az-Zalzalah** [99] [**Kabanata Az-Zalzalah** – Ang Pangingisay o Kombulsiyon]	سورة الزلزلة **99**
1321	**C – Sûrat Al-`Âdiyât** [100] [**Kabanata Al-`Âdiyât** – Yaong Mga Rumaragasa (Tumatakbo)]	سورة العاديات **100**
1322	**CI – Sûrat Al-Qâri`ah** [101] [**Kabanata Al-Qâri`ah** – Ang Malagim Na Pangyayari]	سورة القارعة **101**
1323	**CII – Sûrat At-Takâthur** [102] [**Kabanata At-Takâthur** – Ang Paligsahan Hinggil Sa Makamundong Bagay]	سورة التكاثر **102**
1324	**CIII – Sûrat Al-`Asr** [103] [**Kabanata Al-`Asr** – Ang Panahon]	سورة العصر **103**
1324	**CIV – Sûrat Al-Humazah** [104] [**Kabanata Al-Humazah** – Ang Naninira Ng Kapwa]	سورة الهمزة **104**
1325	**CV – Sûrat Al-Fîl** [105] [**Kabanata Al-Fîl** – Ang Elepante]	سورة الفيل **105**
1326	**CVI – Sûrat Quraysh** [106] [**Kabanata Quraysh** – (Angkan ng) Quraysh]	سورة قريش **106**
1326	**CVII – Sûrat Al-Mâ`ûn** [107] [**Kabanata Al-Mâ`ûn** – Ang Mga Maliliit Na Mga Kabutihan]	سورة الماعون **107**
1327	**CVIII – Sûrat Al-Kawthar** [108] [**Kabanata Al-Kawthar** – Isang Ilog Sa Al-Jannah Na Al-Kawthar]	سورة الكوثر **108**

PAHINA	MGA NILALAMAN	ARABIC
1328	**CIX – Sûrat Al-Kâfirûn** [109] [**Kabanata Al-Kâfirûn** – Ang mga Walang Pananampalataya]	سورة الـكـافرون **109**
1328	**CX – Sûrat An-Nasr** [110] [**Kabanata An-Nasr** – Ang Tulong]	سورة الـنـصـر **110**
1329	**CXI – Sûrat Al-Masad** [111] [**Kabanata Al-Masad** – Ang Hibla ng Palmera]	سورة الـمـسـد **111**
1330	**CXII – Sûrat Al-Ikhlâs** [112] [**Kabanata Al-Ikhlâs** – Ang Kadalisayan]	سورة الإخلاص **112**
1330	**CXIII – Sûrat Al-Falaq** [113] [**Kabanata Al-Falaq** – Ang Pagbubukang-liwayway]	سورة الـفـلق **113**
1331	**CXIV – Sûrat An-Nâs** [114] [**Kabanata An-Nâs** – Ang Sangkatauhan]	سورة الـنـاس **114**
I-XVIII	**TALATINIGAN**	

سورة الفاتحة 1

I – Sûrat Al-Fâtihah

[**Kabanata Al-Fâtihah** – Ang Pambungad]



Ito ay pinangalanang '*Al-Fâtihah*' dahil sa ito ang pinakapambungad ng Dakilang Qur'ân. Gayon pa man, tinatawag din itong '*Al-Mathâni*' (na ang ibig sabihin ay ang inuulit-ulit) dahil sa ito ay palaging binabasa sa bawa't '*rak`ah*'[1] o yunit ng '*Salâh*' (pagdarasal); at maliban sa mga ito, mayroon pa rin itong iba't ibang pangalan.

1. "***Bis-mil-lâh***" - magsisimula ako sa Ngalan ng Allâh (ﷻ), bilang paghahangad ng tulong, gabay at katugunan Niya. Ang salitang "*Allâh*" ay Pangngalang Pantangi ng "*Rabb*"[2] na Tagapaglikha (*Tabâraka wa Ta`ala*), na Siya lamang ang nararapat na sambahin at wala nang iba pa. Ito ay bukod-tangi sa Kanyang mga Pangalan, at ito ay

[1]Upang mapanatili ang tunay na kahulugan nito at ng ilan pang mga salita, minabuti namin na panatilihin ang mga ito sa orihinal na '*Arabic*' at ipinaliwanag na lamang namin ang ibig sabihin ng mga ito; na kung kaya, mangyari lamang na tingnan ang kahulugan ng salitang ito at ng iba pa, sa Talatinigan na nasa duluhan ng babasahing ito o di kaya ay nasa ikalawang tomo (*vol*. II) kung ito ay pagdadalawahin.

[2]Tulad halimbawa ng salitang '*Rabb*' – Ang salitang '*Ar-Rabb*' ay isa sa mga katangian ng Allâh (ﷻ), at ito talaga ang aktuwal na salitang ginamit sa Kabanal-banalan na Qur'ân. Magkagayunpaman, sa lengguwaheng Filipino, walang angkop na salita ang maaaring itumbas upang maging kasingkahulugan ng salitang '*Rabb.*' Ito ay mangangailangan pa ng lubos na pagpapaliwanag upang maunawaan ito at di-mabigyan ng limitadong kahulugan. Ang ibig sabihin nito: ang Allâh (ﷻ), Siya ang Nag-iisa at Bukod-Tanging Panginoon ng lahat ng mga nilalang, ng mga kalangitan at kalupaan, at ang lahat ng nasa pagitan ng mga ito, Siya ang Tagapaglikha, ang Nagmamay-ari ng lahat, ang Hari, ang Pinakamakapangyarihan, ang Tagapamahala, ang Tagapangalaga, ang Tagapagkaloob, ang Tagapagpanatili, ang Tagapagtustos, ang Tagapagtatag, ang Pinakamapagmahal, ang Tagapagbigay ng kasiguruhan at iba pa. Kung kaya, hindi makatarungang isalin lamang ito sa salitang '*Panginoon*' o '*Lord* ' dahil sa mag-iiba ang kahulugan nito, na nagiging sanhi tuloy ng pagsamba ng ibang tao sa hindi talagang tunay na dapat sambahin. Kaya't iminumungkahi sa lahat na panatilihin ito sa orihinal nitong salita.

hindi maaaring ipangalan sa iba. "***Ar-Rah-mâ-nir Ra-heem***" – ang salitang "***Ar-Rahmân***" --- saklaw ng Kanyang habag ang lahat ng Kanyang mga nilikha. Ang "***Ar-Raheem***" --- Labis-Labis ang Kanyang awa at pagmamahal nang ganap sa mga mananampalataya. Na ang dalawang ito (ang "***Ar-Rahmân***" at "***Ar-Raheem***") ay kabilang sa Kanyang mga Pangalan.

2. "***Al-ham-du-lil-lâ-hi Rab-bil `Â-la-mîn***" – ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allâh (ﷻ) na "*Rabb*" na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang. Ito ay papuri ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Sarili, na kalakip ang Kanyang pag-uutos sa Kanyang mga alipin (na Siya ay purihin nila). Na Siya lamang ang karapat-dapat (sa mga papuring) ito dahil sa Siya lamang ang Lumikha ng lahat, ang Tagapangasiwa nito, ang Tagapangalaga sa lahat ng Kanyang mga nilikha sa pamamagitan ng Kanyang mga biyaya; at pamamatnubay Niya sa Kanyang tunay at minamahal na mga alipin tungo sa '*Eemân*' (Pananampalataya) at paggawa ng mabuti.

3. "***Ar-Rah-mâ-nir Ra-heem***" – ang salitang "***Ar-Rahmân***" --- saklaw ng Kanyang habag ang lahat ng Kanyang mga nilikha. Ang "***Ar-Raheem***" --- Labis-Labis ang Kanyang awa at pagmamahal nang ganap sa mga mananampalataya. Na ang dalawang ito (ang "***Ar-Rahmân***" at "***Ar-Raheem***") ay kabilang sa Kanyang mga Pangalan.

4. "***Mâ-li-ki yaw-mid dîn***" – Siya (*Luwalhati sa Kanya*) lamang ang Bukod-Tanging Nagmamay-ari at Mangangasiwa sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at ito ang Araw ng pagbibigay ng kabayaran sa lahat ng mga gawain. At ang Kanyang pagiging bukod-tangi sa Pagmamay-ari at Pangangasiwa sa Araw ng Paghuhukom, dahil walang sinuman ang mag-aangkin nito sa Araw na yaon, at walang sinuman ang magsasalita, maliban sa kung ito ay Kanyang pahihintulutan.

Sa pagbibigkas ng isang Muslim sa '*Âyah*' o talatang ito sa bawa't '*rak`ah*' ng *Salâh*' ay magpapaalaala sa kanya hinggil sa Huling Araw, nag-uutos na paghandaan ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kabutihan at pag-iwas sa mga kasalanan at mga kasamaan.

5. "***Iy-yâ-ka na`a-bu-do wa iy-yâ-ka nas-ta-`în***"[3] – Ikaw lamang ang aming susundin at sasambahin, at Ikaw lamang ang aming hihingian ng tulong sa lahat

---

[3]Mapag-aaralan sa talatang ito na, "***Iy-yâ-ka na`a-bu-do wa iy-yâ-ka nas-ta-`în***," na ang pagkakasalin ng kahulugan ay, "***Ikaw*** *lamang ang aming susundin at sasambahin*, *at* ***Ikaw*** *lamang ang aming hihingian ng tulong sa lahat ng aming mga pangangailangan*," – ginamit ng Allâh sa talatang ito ang pang-isahan bilang pantukoy Niya sa Kanyang Sarili, upang pagtibayin at maging malinaw ang pagiging Bukod-Tanging karapatan lamang ng Allâh sa pagsunod, pagsamba at panalangin.

Na katulad din ng matatagpuan sa ika-51 na kabanata na ang talata ay 56, na may kinalaman din sa paksang pagsamba, ating mababasa: "***Wa mâ kha-laq-tul jin-na wal in-sa il-lâ li-ya-`a-bu-dûn***," na ang pagkakasalin ng kahulugan ay, "*At hindi* ***Ko*** *nilikha ang jinn at ang tao*, *at sa*

ng aming mga pangangailangan. Lahat ng bagay ay nasa Iyong Kamay, walang sinuman ang nagmamay-ari ng anuman na kahit na katiting-na-katiting na bagay, kundi Ikaw lamang.

At narito sa talatang ito ang katibayan na ang anumang uri ng '*Ibâdah*' o pagsamba ay hindi maaaring ituon ng alipin ng Allâh kaninuman kundi sa Kanya (Allâh ﷻ) lamang. At narito rin (sa talatang ito) ang lunas sa puso mula sa sakit ng pagsasalig ng labis na atensiyon sa iba bukod sa Allâh, pagmamalabis, pagkukunwari, pagmamayabang at pagmamataas.

6. "***Ih-di-nas si-râ-tal mus-ta-qîm***" – turuan Mo kami, patnubayan at gabayan patungo sa Matuwid na Landas. Patatagin Mo kami (sa Landas na yaon) hanggang sa Ikaw ay aming makatagpo, at ito ang '*Islâm*' --- ang maliwanag na Daan patungo sa pagmamahal ng Allâh (ﷻ) at tungo sa Kanyang '*Al-Jannah*' (Hardin, isinaling Paraiso). Ito ang itinuro ng Huling Sugo at Propetang si Propeta Muhammad (ﷺ), at ang lahat ng mga Propeta at Sugo na nauna kaysa sa kanya. Katiyakan, walang anumang daan patungo sa tunay na kaligayahan ng isang alipin kundi ang pagiging nasa Matuwid sa Islâm.

7. "***Si-râ-tal la-dhî-na an-`am-ta `a-lay-hîm***" – daan ng mga pinagkalooban Mo ng biyaya --- ang mga Propeta, mga matatapat, mga namatay nang '*Shaheed*' – nagpunyagi sa Daan ng Allâh o nakipaglaban nang alang-alang sa Allâh, at mga mababuti; silang mga pinatnubayan at matutuwid.

"***Ghay-ril magh-dhû-bi `a-lay-him wa ladh-dhãl-lîn***" – at huwag Mo kaming ihanay sa mga nagtungo sa daan ng mga isinumpa --- yaong mga nakaaalam ng katotohanan subali't ito ay kanilang tinanggihan - ang mga Hudyo at ang mga gumaya sa kanila. Ganoon din ang mga naligaw --- yaong mga tumanggi at nawala nang pagkalayu-layo mula sa katotohanan - ang mga yaong nag-aangking

---

pagkapadala ng lahat ng mga Sugo kundi sa napakataas na uri ng layunin, *na ito ay sambahin lamang* ***Ako*** *nang Bukod-Tangi at wala nang iba pa.*"

Magkagayunpaman, kapag patungkol sa Kamaharlikaan, ginagamit Niya ang Pangngalang Pangmaramihan ng Paggalang upang pagtibayin Niya ang Kanyang Karangalan, Kataas-taasan, Kadakilaan, Kapangyarihan at iba pa, na tulad ng nasa ika-54 na kabanata na ang talata ay 49, ating mababasa: "***In-nâ kul-la shay-in kha-laq-nâ-hu bi qadr***," na ang pagkakasalin ng kahulugan ay, "*Katiyakan*, *ang lahat ng bagay ay nilikha* ***Namin*** *sa ganap at tamang pagkakatakda at pinagpasiyahan* ***Namin***, *at nauna na sa* ***Aming*** *kaalaman ang hinggil dito*." Gayundin sa ika-15 na kabanata na ang talata ay 9, ating mababasa: "***In-nâ nah-nu naz-zal-nadh-dhik-ra wa in-nâ lahu***, ***la-hâ-fi-dzûn***," na ang pagkakasalin ng kahulugan ay, "*Walang pag-aalinlangan*, ***Kami*** *ang nagbaba ng Qur'ân kay Propeta Muhammad*, *at walang pag-aalinlangan na* ***Kami*** *rin ang patuloy na mangangalaga nito mula sa pagdaragdag o pagbabawas*, *o sa anumang kasiraan*."

Katotohanan, ang Allah ay Nag-iisa lamang, Bukod-Tangi at walang katambal, walang kahanay, walang kahalintulad, subali't Siya ay nagsasalita sa kamaharlikaan na pamamahayag sa mga talata na katulad nito. Na sa wikang Semitiko na '*Arabic*,' '*Hebrew*' at '*Aramaic*' ay mayroong Pangngalang Pangmaramihan ng Paggalang bilang makaharing pamamahayag.

tagasunod ni `Îsã (Hesus ﷺ)[4] na nasa labas ng '*Islâm*,' at sa sinumang sumunod sa kanila.

At narito sa panalanging ito (na '*Al-Fâtihah*') ang lunas sa puso ng isang '*Muslim*' mula sa sakit ng pagtanggi, kamangmangan at pagkaligaw. Ito rin ang katibayan, na ang pinakadakilang biyaya sa lahat ay ang '*Islâm*;' na kung kaya, sinuman ang nakaaalam ng katotohanan at pagkatapos ito ay sinunod niya; samakatuwid, siya ang karapat-dapat sa Matuwid na Landas.

Kung gayon, walang pag-aalinlangan na ang mga '*Sahâbah*' (kasamahan) ng '*Rasulullâh*' (Sugo ng Allâh) ang karapat-dapat sa pagiging nasa Matuwid na Landas, kasunod ng mga Propeta. Ang talata ring ito ang nagpapatunay hinggil sa katangian nila at ang dakilang antas na kanilang kinabibilangan, na sila ay kinalugdan ng Allâh. Maging ang pagbigkas ng salitang '*Âmeen*' pagkatapos bigkasin ang '*Al-Fâtihah*,' ay isang kaugalian o '*Sunnah*' na dapat bigkasin, na ang ibig sabihin ay "*Dinggin Mo*, *O Allâh ang aming panalangin.*" Magkagayunpaman, ito ay hindi kabilang sa mga talata ng '*Surâtul Fâtihah*.' Napagkasunduan ng mga '*Ulama*' (Paham o Iskolar) at silang lahat ay sumang-ayon na ito (ang salitang '*Âmeen*') ay hindi naisulat sa mga '*Masâhif* ' o kopya ng Qur'ân.

---

[4]Ang nakapaloob sa panaklong na pangalan – (Hesus ﷺ) – ay ginamit upang maipabatid at maging malinaw sa mga mambabasa na ang tinutukoy sa paksang ito ay siya na kagalang-galang. Sa katotohanan, walang layunin na isalin o baguhin ang orihinal niyang pangalan (`Îsã ﷺ) dahil sa ito ay isang Banal na Kapahayagan, na ang mismong nagpangalan nito sa kanya ay ang Tagapaglikha, na ito ay bilang dakilang pagpaparangal sa kanya ng Allâh (ﷻ); at ganoon din, bilang labis-labis na paggalang ng mga Muslim sa kanya, sa paghirang sa kanya ng Allâh (ﷻ) at pagpili sa kanya bilang isa sa mga dakilang Sugo Niya, at sa mataas na antas na kanyang kinabibilangan sa Pananampalatayang Islâm; at maging ng kanyang kagalang-galang na ina (ﷺ) at ng kanyang lahi na pinagmulan.

Bagama't hindi ito (`Îsã ﷺ) ang nakasanayan na katawagan sa kanya sa labas ng Islâm at hindi rin ito batid ng halos lahat ng hindi Muslim sa buong daigdig, subali't dapat isaalang-alang na hindi maaaring baguhin ang isang tunay na pangalan at Banal na Kapahayagan lalo pa't ang nagpangalan nito sa kanya ay ang mismong Tagapaglikha, dahil ito'y mangangahulugan ng pagbabago at paglabas sa Tunay na Katuruan; kawalan ng tunay na paggalang sa dakilang Sugong nabanggit at isang malaking pagkakasala dahil paglapastangan sa Salita ng Tagapaglikha na hahantong sa masidhi at walang-hanggang kaparusahan sa Kabilang-Buhay.

Samakatuwid, gayundin ang ginawang panuntunan sa lahat ng pangalan ng mga Propeta at Sugo, at sa iba pang pangalan; matutunghayan kung gayon na may kasunod din itong pangalan na nakapaloob sa panaklong.

سورة البقرة 2

II – Sûrat Al-Baqarah

[**Kabanata Al-Baqarah –** Ang Baka]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. *Alif-Lãm-Mĩm* – Ang mga titik na ito ng Alpabetong '*Arabic*' at iba pang mga katulad nito ay kadalasang makikita bilang panimula sa ilang mga '*sûrah*' o kabanata ng Dakilang Qur'ân, ang Allâh (ﷻ) lamang ang Bukod-Tanging Nakaaalam ng mga kahulugan nito; na ito ay nagsasaad ng himala ng Qur'ân.

Ang mga titik na ito ang isa sa naging paghamon noon sa mga paganong sumasamba ng iba bukod sa Allâh, subali't hindi nila ito nakayanang pantayan, samantalang ito ay binubuo ng mga salitang '*Arabic*.' Na kung kaya, pinatunayan ng pagiging kabiguan nila ang gumawa ng katulad nito – gayong sila na ang pinakamagaling at dalubhasa sa pagsasalita – na ang Dakilang Qur'ân ay mula sa Allâh (ﷻ) at hindi galing kay Propeta Muhammad (ﷺ) (na tulad ng paninira ng iba).

2. Ang Qur'ân na ito ay isang dakilang Aklat na katiyakang nagmula sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, huwag ninyong pag-alinlanganan ang mga nasa loob nito, na ang tanging makikinabang lamang ng patnubay nito ay ang mga '*Al-Muttaqûn*' (ang mga may takot sa Allâh) na mga sumusunod sa Kanyang batas.

3. At sila na naniniwala sa mga '*Al-Ghayb*' --- ang mga bagay na hindi nakikita, hindi naaabot ng pangkaraniwang pakiramdam at kaisipan; kundi ito ay mababatid lamang sa pamamagitan ng mga Rebelasyon ng Allâh (ﷻ) na Kanyang ipinahayag

sa Kanyang mga Sugo, kabilang din sa mga malawak na kahulugan nito ay ang paniniwala sa mga anghel, '*Al-Jannah*'[5] (Hardin), '*An-Nâr*' (Impiyernong-Apoy) at iba pang ipinahayag ng Allâh (ﷻ) o di kaya ay isinalaysay ng Kanyang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ).

At sila na pinangangalagaan ang pagsa-'*Salâh*,' ginagawa ito nang ganap at sa tamang oras, batay sa pagkakautos ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Propetang si Propeta Muhammad (ﷺ), at sila na nagbibigay ng kawanggawa mula sa mga biyayang ipinagkaloob Namin sa kanila, ito man ay '*Zakâh*' (obligadong kawanggawa) o '*Sadaqah*' (pangkaraniwang kawanggawa).

4. At sila na naniniwala sa kung ano ang ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ) na Qur'ân at gayundin ang '*Hikmah*' (karunungan), na ito ay ang '*Sunnah*,' at sa lahat ng mga ipinahayag sa mga Sugong nauna sa iyo na mga Aklat, na katulad ng '*Tawrah*' (Torah), '*Injeel*' (Ebanghelyo) at iba pa; at pinaniniwalaan din nila ang buhay pagkatapos ng kamatayan at ang anumang mangyayari roon na pagkukuwenta at pagbabayad.

Sa talatang ito, pinahahalagahan ang hinggil sa Araw ng Muling Pagkabuhay sapagka't ang paniniwala rito ay kabilang sa mga dakilang bagay na nagtutulak sa mga tao para sundin ang mga ipinag-uutos at iwasan ang mga ipinagbabawal; at maglimi-limi sa sarili, na palagi itong pinapanagot at palaging may pagmamatyag sa sarili nang kusa.

5. Yaong mga nagtatangan ng ganitong katangian ay nasa liwanag at gabay mula sa Lumikha at Nagpatnubay sa kanila, at sila ang magkakamit ng tagumpay na maaabot nila ang kanilang mga kahilingan at makaliligtas mula sa masama na kanilang tinatakasang kaparusahan.

[5]Isa pang halimbawa, '*Al-Jannah*' – isinaling Paraiso na ito ay tumutukoy sa Hardin na may umaagos na mga ilog sa ilalim ng nagtataasang Palasyo at mga punungkahoy na may malawak na mga lilim.

6. Katiyakan, yaong mga hindi naniwala sa anumang ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ) mula sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, dahil sa kanilang pagmamataas at paglabag; takutin mo man sila at balaan, O Muhammad (ﷺ) hinggil sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) o di kaya ay pabayaan mo na lamang sila, kailanman ay hindi na tatalab pa sa kanila ang Pananampalataya; dahil sa kanilang pagpupumilit sa kanilang kamalian.

7. Isinara ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso, ang kanilang mga pandinig at tinakpan ang kanilang mga paningin, dahil sa kanilang di-pagsunod at pagmamatigas pagkatapos maipaliwanag sa kanila ang katotohanan, na kung kaya, hindi na sila hinayaang mapatnubayan, at ang para sa kanila ay masidhing kaparusahan sa Impiyernong-Apoy.

8. At mayroon sa mga tao ang grupo na nag-aalinlangan at hindi alam kung kanino sila papanig: sa mga mananampalataya ba o sa mga walang pananampalataya, at sila ay yaong mga mapagkunwari (*Munâfiq*) na binibigkas ng kanilang mga labi at sinasabing: '*Kami ay naniwala sa Allâh at sa Kabilang-Buhay*,' gayong sa katotohanan, ang nasa kanilang mga kalooban ay kasinungalingan at di-paniniwala.

9. Iniisip nila na dahil sa kanilang kamangmangan ay malilinlang nila ang Allâh (ﷻ) at ang mga mananampalataya, sa pamamagitan ng kanilang pagkukunwa-kunwarian na pagpapakita ng panlabas nilang pagtanggap sa pananampalataya at inililihim nila ang pagtanggi, gayong sa paggawa nila nito ay wala silang nililinlang kundi ang kanilang mga sarili lamang dahil ang bunga ng kanilang panlilinlang ay bumabalik sa kanilang mga sarili. Hindi nila ito nararamdaman dahil sa kasukdulan ng kanilang kamangmangan at pagkasira ng kanilang mga puso.

10. Sa kanilang mga puso at kalooban ay pag-aalinlangan at pagkasira, na kung kaya, mas lalo silang nalulong sa kasamaang nagdudulot ng masidhing kaparusahan, dahil sa ganitong kadahilanan, lalo pang dinagdagan ng Allâh (ﷻ)

ang kanilang pag-aalinlangan, at ang para sa kanila ay matinding kaparusahan dahil sa kanilang kasinungalingan at pagkukunwari.

11. At kapag pinayuhan sila, na huwag silang gagawa ng kapinsalaan at katiwalian sa ibabaw ng kalupaan sa pamamagitan ng pagtanggi, paggawa ng mga kasalanan, pagsisiwalat sa mga lihim ng mga mananampalataya at pagpanig sa mga walang pananampalataya, sasabihin nila bilang pagsisinungaling at pakikipagtalo: '*Kami ay mga taong mabubuti.*'

12. Ang ginagawa nilang ito at pag-aangking sila ay mabubuti, ay sa katunayan ito ay masamang gawain, subali't dahil sa kanilang kamangmangan at pagtanggi, hindi nila ito namamalayan.

13. At noon, kapag sinabi sa mga mapagkunwari: "*Maniwala kayo na tulad ng paniniwala ng mga Sahâbah.*" Nakipagtalo sila at sinabi nila: "*Maniniwala ba kami sa katulad nilang may kakulangan sa pag-iisip at mahihina*, *na pagkatapos ay magiging katulad din kami nilang magkakaroon ng kakulangan sa pag-iisip?*" Sinagot sila ng Allâh (ﷻ): "*Sila lamang ang may kakulangan sa pag-iisip at hindi nila nababatid na sila ay nasa pagkaligaw at pagkatalo.*"

14. Kapag nakaharap ng mga mapagkunwari ang mga may pananampalataya noon, sinabi nila: '*Kami ay naniwala sa Islâm na katulad ninyo*,' at kapag sila ay tumalikod na at tumalilis patungo sa kanilang mga pinunong walang pananampalataya, na kumakalaban sa Allâh, tiniyak nilang sila ay magkakasama sa kanilang pagtanggi na hindi nila ito kinaliligtaan; na nililinlang at kinukutya lamang nila ang mga may pananampalataya.

15. Samakatuwid, dahil sa ginawa nilang pangungutya at pagwawalang-bahala sa mga mananampalataya, ay minaliit at pinabayaan sila ng Allâh (ﷻ), nang sa gayon ay lalo pang tumindi ang kanilang pagkaligaw at pagdududa, at sila ay pagbabayarin sa kanilang pangungutya sa mga mananampalataya.

16. Sila ang mga mapagkunwari na ipinagbili ang kanilang mga sarili sa isang talunang pakikipagkasunduan, mas pinili pa nila ang di-maniwala at iniwanan nila ang tunay na pananampalataya, na kung kaya, wala silang napalang kahit na kaunti at hindi nila nakamtan ang patnubay. At ito ang talagang tunay na pagkatalo.



17. Ang katulad ng mga mapagkunwari na nagpanggap na sila ay naniwala sa mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ), subali't inilihim nila ang pagtanggi sa kanya at pagkatapos sila ay lumabag, at nalilito't nangangapa sila sa kadiliman at pagkaligaw nang hindi nila namamalayan, at wala na silang pag-asa pang makaalis (sa pagkaligaw na) ito, ang katulad nila ay isang grupo ng mga taong nagtungo sa disyerto sa kadiliman ng gabi at pagkatapos ay nagsilab ang isa sa kanila ng malaking apoy upang mapawi ang lamig at makakita ng liwanag, subali't nang lumiwanag na nang lubusan ang buong kapaligiran dahil sa silab ng apoy, ay bigla na lamang itong namatay, sa ganitong kadahilanan, ay lalo pang tumindi ang kadiliman sa kanilang kapaligiran at wala na silang makita, at wala na silang gabay at hindi na nila alam kung saan sila patutungo at kung paano sila makaliligtas.

18. Sila ay mga bingi sa pakikinig ng katotohanan na hindi umuunawa, mga pipi sa pagbigkas nito at mga bulag na di-nakikita ang liwanag ng patnubay; na kung gayon ay hindi na sila makababalik pa kailanman sa Tamang Paniniwala na kanilang tinalikuran, na sa halip ay pagkaligaw ang ipinalit nila.

19. O di kaya'y inihahambing ang katayuan ng ibang grupo ng mga mapagkunwari, na minsan ay nakikita nila ang katotohanan at minsan naman ay bumabalik sila sa pagdududa.

Ang katulad nila ay parang isang grupo ng mga taong naglalakad sa ilang na lugar at pagkatapos ay bigla na lamang bumuhos ang malakas na ulan at nagkaroon ng matinding kadiliman, kumulog at kumidlat ng mga nakasusunog na mga kidlat, dahil sa nakasisindak na pangyayari ay inilalagay nila ang kanilang mga daliri sa kanilang mga tainga sa pagkatakot nila sa kamatayan. Samakatuwid, ang Allâh (ﷻ), batid Niya nang ganap ang mga walang pananampalataya, na wala silang maililihim na anuman sa Kanya at hindi nila mauunahan ang Allâh (ﷻ) sa lahat ng bagay.

20. Halos alisin sa kanila ang kanilang mga paningin sa pamamagitan ng tindi ng liwanag ng kidlat, na sa tuwing ito ay lumiwanag, sila ay napapalakad sa liwanag nito, at kapag dumilim na naman, sila ay napapahinto sa kanilang mga kinaroroonan. At kung gugustuhin lamang ng Allâh (ﷻ) na alisin sa kanila ang kanilang pandinig at paningin, ito ay kaya Niyang gawin anumang sandali, subali't pinagbibigyan pa rin sila ng Allâh (ﷻ), samakatuwid, katiyakang ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay.

21. Ito ay panawagan mula sa Allâh (ﷻ) para sa sangkatauhan! Sambahin ninyo ang Allâh (ﷻ) na Siyang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, ang Nangangalaga sa inyo sa pamamagitan ng Kanyang mga biyaya at kagandahang-loob. Katakutan ninyo Siya at huwag ninyong labagin ang Kanyang '*Deen*' (isinaling '*Relihiyon*' na ito ay tumutukoy sa Batas o Pamamaraan ng Pamumuhay na itinalaga ng Allâh para sa lahat ng Kanyang mga nilikha sa lahat ng larangan ng kanilang pamumuhay), na katotohanang nilikha Niya kayo mula sa wala at gayundin ang mga nauna sa inyo, nang sa gayon ay mapabilang kayo sa mga '*Al-Muttaqîn*,' na kinalugdan ng Allâh (ﷻ), dahil mahal nila ang Allâh (ﷻ).

22. Siya ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na lumikha ng kalupaan nang palatag upang maging madali para sa inyo ang inyong pamumuhay sa ibabaw nito, gayundin ang mga kalangitan, ginawa Niya ito nang pagkatatag-tatag at ibinababa Niya ang tubig-ulan mula sa mga ulap at sa pamamagitan nito ay pinasibol Niya ang iba't-ibang uri ng mga bunga at mga pananim bilang kabuhayan para sa inyo, kung kaya, huwag kayong maglagay ng mga katambal sa pagsamba sa Allâh gayong alam ninyong Siya lamang ang Nag-iisa sa paglikha, at sa pagkakaloob ng kabuhayan, at sa pagiging may karapatan bilang Bukod-Tanging sinasamba.

23. Kung kayo na mga walang pananampalataya ay may pag-aalinlangan hinggil sa Qur'ân na Aming inihayag sa Aming alipin na si Muhammad (ﷺ) at inaangkin ninyong ito ay hindi nagmula sa Allâh (ﷻ), kung gayon ay gumawa kayo ng isang kabanata na katulad ng kabanata sa Dakilang Qur'ân, at tawagin ninyo ang sinumang makakayanan ninyong tawagan bukod sa Allâh upang tumulong sa inyo, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan sa inyong pag-angkin.

24. Subali't kung hindi ninyo ito makakayanang gawin, at bilang katiyakan, ngayon at kahit na magpakailanman ay hindi ninyo ito makakayanang gawin, samakatuwid, katakutan ninyo ang Impiyernong-Apoy sa pamamagitan ng paniniwala kay Propeta Muhammad (ﷺ) at pagsunod sa Allâh (ﷻ), sapagka't ang panggatong sa Impiyerno ay mga tao at mga bato, na inihanda para sa mga hindi naniwala sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo.

25. At ipamalita mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga naniwala at gumagawa ng kabutihan, ang magandang balita na magpapasaya sa kanilang kalooban, na ang nakalaan sa kanila sa Kabilang-Buhay ay magagandang Hardin at mga ilog na umaagos sa ilalim ng mga nagtataasang palasyo at ng mga punong may mga lilim.

Sa tuwing bibigyan o pagkakalooban sila ng Allâh (ﷻ) ng isang uri ng prutas na napakasarap, sasabihin nila: '*Ganito rin ang ibinigay ng Allâh* (ﷻ) *sa amin noon*,' subali't kapag ito ay natikman nila, matutuklasan nila na ito pala ay kaiba sa lasa at sarap, gayong ito ay magkatulad sa kulay, anyo at pangalan.

At ang para pa rin sa kanila sa '*Al-Jannât*' (mga Hardin), ay mga dalisay na asawa na malilinis mula sa lahat ng uri ng pisikal na karumihan (na tulad ng ihi at regla); at malilinis din sa espirituwal na karumihan, na katulad ng pagsisinungaling at masasamang pag-uugali.

At sila sa '*Al-Jannah*' at sa kasiyahan na buhay doon ay mananatiling walang hanggan, na hindi na sila mamamatay pa roon at hindi na sila lalabas pa roon magpakailanman.

26. Katiyakan na hindi nahihiya ang Allâh (ﷻ) sa katotohanan na Kanyang ipinahayag, kakaunti man ito o marami; o kahit na sa pagbibigay ng isang maliit na halimbawa na katulad ng isang lamok, langaw at iba pa; mula sa ibinigay ng Allâh (ﷻ) na halimbawa sa mga walang kakayahang sinasamba nila bukod sa Kanya.

Subali't sa mga may pananampalataya, batid nila ang tunay na karunungan ng Allâh (ﷻ) sa pagbibigay Niya ng mga maliliit na halimbawang ito o maging ito man ay malaki, mula sa Kanyang mga nilikha.

Bagama't sa mga walang pananampalataya ay minamaliit nila ito at kanilang sinasabi: "*Ano kaya ang nais ng Allâh* (*na ipakahulugan*) *sa pagbibigay Niya ng*

mga halimbawang ito, *na katulad ng kulisap na walang halaga sa paningin ng tao?*" Sasagutin sila ng Allâh (ﷻ): "*Ang dahilan ay pagsubok*, *upang mapahiwalay ang sinumang naniwala mula sa hindi naniwala.*"

Pagkatapos ay inilalayo ng Allâh (ﷻ) ang maraming tao mula sa katotohanan dahil sa pagmamaliit nila (sa mga halimbawang ito), at ginagabayan Niya naman ang iba tungo sa karagdagang paniniwala at patnubay dahil (din sa mga halimbawang ito). Sa bagay na ito, ang Allâh (ﷻ) ay walang dinaraya na kahit na sinuman, sapagka't ang mga inilalayo lamang Niya sa katotohanan ay ang mga taong lumayo sa pagsunod sa Kanya.

27. Yaong mga sumisira sa kasunduan nila sa Allâh (ﷻ), na ang kasunduang ito ay hinggil sa Kanyang Kaisahan at pagsunod sa Kanya. At ito ay pinatunayan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga Sugo at pagpapahayag ng mga Aklat sa kanila. Magkagayon pa man ay nilabag nila ang '*Deen*' ng Allâh (ﷻ) katulad ng pagsira sa ugnayan ng mga magkakamag-anak, pagkalat ng mga kapinsalaan at katiwalian sa ibabaw ng kalupaan; samakatuwid sila ang talunan dito (sa daigdig) at sa Kabilang-Buhay.

28. Paano ninyo tinatanggihan, O kayong mga '*Mushrikûn*' ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ), at kayo ay sumasamba ng iba bukod sa Kanya; gayong ang mga palatandaan sa inyong mga sarili ay malinaw na malinaw? Na kayo ay walang mga buhay (noon) --- nilikha Niya kayo mula sa wala at pagkatapos ay binigyan Niya kayo ng buhay, at pagkatapos nito ay mamamatay kayo pagdating ng hangganang itinakda para sa inyo. At pagkatapos ninyong mamatay ay bubuhayin kayong muli sa Araw ng Muling Pagkabuhay at pagkatapos ay babalik kayo sa Kanya para sa pagkukuwenta (pagtutuos) at pagbabayad.

29. Ang Allâh (ﷻ), Siya lamang ang lumikha para sa inyo ng lahat ng mga nasa kalupaan, na mga biyayang kapaki-pakinabang para sa inyo. Pagkatapos ay pinagpasiyahan Niyang likhain ang mga kalangitan at ginawa Niya itong pitong kalangitan. Siya ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam ng lahat at sakop ng Kanyang Kaalaman ang lahat ng Kanyang mga nilikha.

30. At ipaalaala mo sa mga tao, O Muhammad (ﷺ), na noon ay sinabi ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa mga anghel na: "*Ako ay lilikha ng isang nasyon* (*mga tao*) *na magsasalit-salitan sa pamamahala sa kalupaan.*"

Subali't sinabi ng mga anghel: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ituro Mo sa amin ang karunungan sa paglikha Mo sa kanila*, *sapagka't ang kanilang kaugalian ay maminsala lamang sa kalupaan at magpadanak ng dugo sa pamamagitan ng pang-aapi at paglalaban-laban sa isa't isa*; *gayong kami ay* (*walang ginagawa kundi*) *ang sumunod lamang sa Iyong kagustuhan*, *at ang pinakatungkulin namin ay ang patuloy na pagsa-*'*Salâh*' *na para lamang sa Iyo*, *at pinupuri Ka namin nang lubus-lubusan*; *sapagka't wala Ka ni kaunti mang di-kaganapan at pinupuri Ka namin sa lahat ng Iyong mga ganap na katangian at ikinararangal Ka namin.*"

Na kung kaya, sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanila: "*Ako ang Nakaaalam ng mga bagay na hindi ninyo alam na nakabubuti*, *na siyang naging dahilan ng Aking paglikha sa kanila* (*tao*)."

31. At bilang paglalahad sa katangian ni Âdam, itinuro sa kanya ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng pangalan ng mga bagay-bagay, at pagkatapos ay ipinakita Niya sa mga anghel (ang mga bagay na yaon) at Kanyang sinabi sa kanila: "*Sabihin ninyo* (*nga*) *sa Akin kung ano ang mga pangalan ng mga bagay-bagay na ito*, *kung totoong kayo ang may karapatang mamahala sa kalupaan?*"

32. Sinabi ng mga anghel: "*Luwalhati sa Iyo*, *O aming* '*Rabb!*' *Wala kaming kaalaman maliban sa ipinagkaloob Mo sa amin. Ikaw lamang ang tanging Nakaaalam ng kalagayan ng Iyong mga nilikha at Nangangasiwa sa kanila nang buong karunungan.*"

33. Sinabi ng Allâh (ﷻ): "*O Âdam*, *sabihin mo* (*nga*) *sa kanila ang mga pangalan ng mga bagay-bagay na ito na bigo nilang mabatid.*" Nang ipinahayag sa kanila

ni Âdam, sinabi ng Allâh (ﷻ) sa mga anghel: "*Katiyakan*, *sinabi Ko sa inyo na Ako lamang ang Nakaaalam ng lahat ng mga hindi ninyo alam na nasa mga kalangitan at kalupaan*, *at batid Ko rin ang lahat ng inyong mga inihahayag at inililihim.*"

34. At ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga tao ang pagpaparangal ng Allâh (ﷻ) kay Âdam, noong sinabi ng Allâh (ﷻ) sa mga anghel: "*Magpatirapa kayo kay Âdam bilang paggalang at pagpapakita sa kanyang kakaibang katangian.*" Ito ay sinunod nilang lahat maliban kay Iblees (ang pinuno ng mga '*Shaytân*'), na dahil sa kanyang pagmamataas at panibugho, ay tinanggihan niyang magpatirapa. Dahil doon, naging kabilang siya sa mga lumabag sa Allâh at hindi sumunod sa Kanyang kagustuhan.

35. At sinabi ng Allâh (ﷻ): "*O Âdam*, *manirahan ka at ang iyong asawang si Hawwa`* (*Eba*) *sa* '*Al-Jannah*' *at malaya kayong kumain ng mga bunga rito nang sa gayon ay masiyahan kayo*, *at manirahan kayo sa malawak na kapaligiran nito*, *nguni*'*t huwag ninyong lalapitan ang punong ito upang hindi kayo magkasala o hindi kayo mapabilang sa mga lumalabag sa kautusan ng Allâh* (ﷻ)*.*"

36. Hinikayat sila ni '*Shaytân*' sa pagkakasala sa pamamagitan ng panunukso sa kanila, hanggang sa sila ay makakain ng bunga sa punong yaon, na samakatuwid, yaon ang naging dahilan ng kanilang paglabas sa masaya nilang paninirahan sa '*Al-Jannah*.'

At sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanila (kina Âdam, Hawwa` at Iblees): "*Bumaba kayo patungo sa kalupaan at doon*, *kayo ay maglalaban-laban sa isa*'*t isa*, *at kayo ay mananatiling maninirahan doon at makikinabang sa anumang naroroon hanggang sa katapusan ng inyong buhay.*"

37. Kung kaya, nakatanggap si Âdam nang tuwirang kapahayagan na mga salita (*Ilhâm* – Inspirasyon) mula sa Allâh (ﷻ) bilang paraan ng pagsisisi at paghingi ng kapatawaran sa Kanya. Ito ang ibinigay ng Allâh (ﷻ) kay Âdam na mga panalangin: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Nadaya namin ang aming mga sarili at kung hindi Mo kami patatawarin at kaaawaan ay magiging kabilang kami sa mga talunan.*"

Samakatuwid ay pinatawad siya ng Allâh (ﷻ) sa kanyang pagkakasala sapagka't ang Allâh (ﷻ) ay '***At-Tawwâb***' – ang Tagapagtanggap ng sinumang nagsisisi at humihingi ng kapatawaran mula sa Kanyang alipin, na Siya ay '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.



38. Sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanila: "*Bumaba kayong lahat mula sa 'Al-Jannah' at makararating sa inyo at sa inyong magiging salinlahi ang patnubay patungo sa katotohanan. Sinuman ang susunod sa* (*katotohanang*) *ito*, *wala silang katatakutan sa anuman na kanilang kahihinatnan at hindi nila pagsisisihan ang kanilang nakaraan*, *kundi ang sa kanila'y kapanatagan dito sa mundo at sa Kabilang-Buhay.*"

39. At yaong mga lumabag at pinasinungalingan ang mga talata ng Allâh (ﷻ) at ang mga palatandaan ng Kanyang Kaisahan, sila ang mga yaong mananatili sa Impiyernong-Apoy at hindi sila makalalabas doon magpasawalang-hanggan.

40. O mga angkan ni Ya`qûb (Jacob – Isrâ`îl)! Alalahanin ninyo ang mga kagandahang-loob at maraming biyayang ipinagkaloob Ko sa inyo at magpasalamat kayo sa Akin.

Sundin ninyo ang Aking tagubilin na kayo ay maniwala sa lahat ng Aking mga Aklat, sa lahat ng Aking mga Sugo, at isagawa ninyo ang Aking batas. At kapag ito ay inyong ginawa, tutuparin Ko sa inyo ang Aking pangako, na Ako ay magiging Maawain sa inyo rito sa kalupaan at maliligtas kayo sa kaparusahan sa Kabilang-Buhay. Ako lamang ang inyong katakutan --- matakot kayo sa Aking galit kapag nilabag ninyo ang inyong pangako sa Akin at hindi kayo naniwala sa Akin.

41. Maniwala kayo, O mga angkan ni Isrâ`îl sa Dakilang Qur'ân na Aking ipinahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ) na Aking Propeta at Sugo, na sinasang-ayunan ang kaalamang tinataglay ng tunay na katuruan ng '*Tawrah*.' At huwag ninyong gawin, na kayo pa ang kauna-unahang lalabag mula sa nagtatangan ng mga Kasulatan. At huwag ninyong ipagpalit ang Aking mga palatandaan o mga salita sa napakaliit na halaga ng makamundong bagay. Dapat ninyong mabatid, na Ako ang nararapat ninyong sundin at iwasan ang paglabag sa Akin.

42. At huwag ninyong haluan ang katotohanang ipinahayag sa inyo ng kamaliang inyong inimbento at gawa-gawa lamang. At iwasan ninyo ang paglilihim sa malinaw na katotohanan hinggil sa katangian ng Propeta ng Allâh at Kanyang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ) na nakasaad sa inyong kasulatan, at huwag na kayong magmaang-maangan, dahil batid ninyo ang ginawa ninyong paglilihim na ito.

43. Magsipasok kayo sa '*Deen*' ng Islâm, isagawa ninyo ang pagsa-'*Salâh*' sa tamang pamamaraan na katulad ng pagsasagawa ng Propeta ng Allâh at Kanyang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ). Ibigay ninyo ang karapatan mula sa inyong mga kayamanan, na isinaad ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Kanyang Sugo (ang tinatawag na '*Zakâh*') at yumuko kayong kasama ng mga yaong yumuyuko mula sa sambayanan ni Propeta Muhammad.

44. Napakasama ng inyong kalagayan at maging ng inyong mga Pantas (Iskolar o Paham), nang inutusan ninyo ang mga tao na gumawa ng mga kabutihan at pinabayaan ninyo ang inyong mga sarili, na hindi ninyo iniutos sa inyong mga sarili ang dakilang kabutihan, na ito ay *Al-Islâm*;' samantalang binabasa ninyo ang '*Tawrah*,' na nakasaad doon ang mga katangian ni Muhammad (ﷺ), na siya ang karapat-dapat na paniwalaan. Samakatuwid, hindi ba ninyo ginagamit ang inyong kaisipan sa tamang pamamaraan?

45-46. At humingi kayo ng tulong sa lahat ng inyong gawain sa bawa't katayuan ninyo o kalagayan, sa pamamagitan ng lahat ng uri ng pagtitiis at gayundin sa pagsa-'*Salâh*.' Gayunpaman, ito'y magiging mahirap para sa inyo maliban lamang sa mga yaong matatakutin ('*Al-khâsi`in*'), sapagka't sila ay natatakot sa Allâh (ﷻ); at naghahangad ng kabutihan mula sa Kanya, at nakatitiyak na makakatagpo nila ang kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha pagkatapos nilang mamatay, at nakababatid na sila ay babalik sa Kanya para sa Pagtutuos at Paghuhukom sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

47. O mga angkan ni Ya`qûb! Alalahanin ninyo ang mga kagandahang-loob at maraming biyaya ng Allâh (ﷻ) sa inyo at ito ay inyong pasalamatan sa Kanya. At alalahanin ninyo na itinuring Ko kayong bukod-tangi sa sangkatauhan noong kapanahunan ninyo, sa pamamagitan ng pagpapadala Ko ng maraming Propeta at mga Aklat sa inyo na tulad ng '*Tawrah*' at '*Injeel*.'

48. At katakutan ninyo ang Araw ng Muling Pagkabuhay, ang Araw na wala nang pakinabang ang sinuman sa isa't isa, at hindi tatanggapin ang gagawing pamamagitan para sa mga walang pananampalataya, ni ang ipantutubos para sa kanila, kahit buong kayamanan ng mundo ang ipantubos para sa kanila ay hindi pa rin ito tatanggapin.

At walang sinuman ang may kakayahan sa Araw na yaon na gumawa ng tulong para iligtas sila mula sa kaparusahan.



49. At alalahanin ninyo ang Aming biyaya sa inyo sa pamamagitan ng pagliligtas sa inyo mula sa kalupitan ni Fir'âwn (Pharaon) at ng kanyang mga tauhan. At pinarusahan nila kayo ng masidhing parusa --- pinapatay ang inyong mga anak na lalaki at inilalaan ang inyong mga kababaihan, inaalipin at pinahihirapan. Ito ay pagsubok sa inyo mula sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha.

Na ang kaligtasan ninyong ito ay isang dakilang kagandahang-loob para sa inyo, na karapat-dapat na kayo ay tumanaw ng utang na loob sa Allâh (ﷻ) sa lahat ng pagkakataon at sa bawa't henerasyon ninyo.

50. At alalahanin pa rin ninyo ang Aming biyaya sa inyo, noong hinati Namin ang karagatan para sa inyo at gumawa kami rito ng mga daang pinatuyo upang kayo ay makatawid. Iniligtas Namin kayo mula kay Fir`âwn at sa kanyang mga sundalo at mula sa kamatayan ng pagkalunod. At noong sinundan kayo ni Fir`âwn at ng kanyang mga sundalo ay nalunod sila sa karagatan at ito ay inyong nasaksihan.

51. At alalahanin pa rin ninyo ang Aming biyaya sa inyo at patnubay, noong itinalaga Namin kay Mousã (Moises ﷺ) ang apatnapung gabi upang ihayag sa kanya ang '*Tawrah*' bilang gabay at liwanag sa inyo. Subali't sinamantala ninyo ang pagkawala ni Mousã (ﷺ) nang ganoong katagal at gumawa kayo ng inanyuang baka (``*ijil*' - عجل) at ito ay inyong sinamba bukod sa Allâh. Katiyakan, ito ang pinakamatinding paglabag sa Allâh (ﷻ), kayo ang naging pinakamasama sa Kanyang paningin nang sinamba ninyo ito.

52. Pagkatapos ay pinalampas pa rin Namin itong masama ninyong ginawa. Tinanggap pa rin Namin ang inyong pagsisisi at paghingi ng kapatawaran, pagkatapos bumalik ni Mousã (ﷻ), nang sa gayon ay tumanaw kayo ng utang na loob sa Allâh (ﷻ), sa Kanyang biyaya at pamamatnubay, upang hindi na kayo magpatuloy pa sa inyong paglabag at paghihimagsik.

53. At alalahanin pa rin ninyo ang Aming biyaya at kagandahang-loob sa inyo, noong ipinagkaloob Namin kay Mousã (ﷺ) ang Aklat na hinihiwalay ang katotohanan sa kamalian --- yaon ay ang '*Tawrah*,' nang sa gayon ay matutuhan ninyo ang patnubay mula sa pagkaligaw.

54. At alalahanin pa rin ninyo ang Aming biyaya at kagandahang-loob sa inyo, noong sinabi ni Mousã (ﷺ) sa kanyang mga tauhan: "*Kayo ay nagkasala nang matindi laban sa inyong mga sarili*, *nang gumawa kayo ng inanyuang baka para sambahin*, *samakatuwid ay manumbalik kayo sa inyong Tagapaglikha. At upang mapatawad kayo sa inyong mga pagkakasala ay patayin ninyo ang inyong mga sarili* --- (*na ang ibig sabihin ay*) *papatayin ng mga inosente* (*o ng mga hindi nagkasala*) *mula sa inyo ang mga gumawa ng kasalanan. Ito ang makabubuti sa inyo mula sa inyong Tagapaglikha kaysa mapunta pa kayo sa Impiyerno magpasawalang-hanggan.*" Nang sinunod ninyo ang kautusang yaon ay pinagpala kayo ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagtanggap Niya ng inyong pagsisisi. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay '***At-Tawwâb***' – ang Tagapagtanggap ng sinumang nagsisisi at humihingi ng kapatawaran mula sa Kanyang alipin, na Siya ay '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

55. At alalahanin pa rin ninyo, noong sinabi ninyo: "*O Mousã* (ﷺ)*! Hindi kami naniniwala na ang mga salitang naririnig namin ay salita ng Allâh* (ﷻ) *hanggang hindi namin nakikita ang Allâh* (ﷻ) *sa aming harapan.*" Kaya't bumaba ang apoy sa kalangitan at ito ay nakita ng inyong mga mata at pinatay kayo nito dahil sa inyong kasalanan at sa inyong katapangang lumabag sa Allâh (ﷻ).

56. Pagkatapos ay binuhay Namin kayong muli pagkatapos ninyong mamatay sa pamamagitan ng kidlat, nang sa gayon ay magpasalamat kayo sa mga biyaya at kagandahang-loob ng Allâh (ﷻ) sa inyo. Ang kamatayang yaon ay parusa sa inyo, subali't pagkatapos noon ay binuhay Namin kayong muli upang mabuo pa ninyo ang itinakdang buhay para sa inyo (dito sa daigdig).

57. At alalahanin pa rin ninyo ang Aming biyaya at kagandahang-loob sa inyo, noong kayo ay naligaw ng apatnapung taon sa kalupaan. Pagkatapos ay nililiman Namin kayo sa pamamagitan ng ulap, nang sa gayon ay hindi kayo maarawan, at ibinaba Namin sa inyo ang '*Al-Manna*' (isang uri ng matamis na '*gum*' na katulad ng '*Honey*' o pulot-pukyutan) at gayundin ang '*As-Salwa*' (isang uri ng ibon). Sinabi Namin sa inyo na kumain kayo ng mga malilinis na pagkaing Aming ipinagkaloob sa inyo at huwag ninyong lalabagin ang inyong '*Deen*,' subali't hindi kayo sumunod.

Hindi Kami ang inapi nila sa pamamagitan ng pagwawalang-bahala nila sa mga biyaya kundi sila mismo ang nang-api sa kanilang mga sarili, dahil sa kabayaran ng kasamaang ipapataw sa kanila.



58. At alalahanin pa rin ninyo ang Aming biyaya at kagandahang-loob, noong sinabi Namin sa inyo: "*Pumasok kayo sa lunsod na ito* (*ng* '*Baytul Maqdis*') *at kumain kayo ng masasaganang pagkain na may kagalakan saan mang lugar doon*, *at magpakumbaba kayo sa Allâh* (ﷻ) *habang kayo ay pumapasok sa anumang pintuan na inyong nais ay sabihin ninyo*: '*Patawarin [Mo po] kami sa aming mga pagkakasala*,' *nang sa gayon ay Amin kayong patatawarin at pagtatakpan Namin ang inyong mga kasalanan*, *at bukod pa rito ay patuloy Naming daragdagan ng kabutihan at gantimpala ang mga mabubuti sa kanila.*"

59. Subali't pinalitan ng mga mapang-aping ligaw mula sa angkan ni Isrâ`îl ang salita ng Allâh (ﷻ), at binago nila ang salita at gawa nang magkasabay, na sa halip na magpatirapa sila ay pasadsad ang kanilang ginawa, at kanilang sinabi: '*Isang butil sa isang hiblang buhok.*' At hinamak nila ang '*Deen*' ng Allâh (ﷻ), kaya't pinuksa sila ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng kaparusahan mula sa kalangitan dahil sa kanilang paghihimagsik at paglabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ).

60. At alalahanin pa rin ninyo, O mga angkan ni Isrâ`îl, ang mga biyaya at kagandahang-loob Namin sa inyo, noong kayo ay uhaw na uhaw at naghahanap ng tubig dahil sa inyong pagkaligaw at pagkatapos ay nanalangin si Mousã (عليه السلام) sa Allâh (ﷻ) na pagkalooban ng maiinom ang kanyang mga tauhan.

Kung kaya't sinabi Namin: "*Hampasin mo ang bato sa pamamagitan ng iyong tungkod.*" At ito ay kanyang ginawa, at sa ganitong kadahilanan ay bumulwak doon ang labindalawang bukal para sa labindalawang angkan ni Isrâ`îl. Nabatid din ng bawa't angkan ni Isrâ`îl kung aling bukal ang para sa isa't isa sa kanila, nang sa gayon ay hindi na sila mag-aagawan (pa). At sinabi Namin sa kanila: "*Kumain at uminom kayo mula sa biyayang ipinagkaloob ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo at huwag kayong magkalat ng katiwalian at kasamaan sa ibabaw ng kalupaan.*"

61. Alalahanin pa rin ninyo, noong Aming ibinaba sa inyo ang matamis na pagkain at masarap na ibon, subali't pagkatapos nito ay nagmataas pa rin kayo sa biyayang ito na inyong tinamasa. Talagang naging ugali na ninyo ang ganito, kung kaya't dumating sa inyo ang paghihikahos at kawalan ng gana (sa lahat).

Dahil dito, sinabi ninyo: "*O Mousã* (عليه السلام)*! Hindi kami makatatagal sa iisang uri ng pagkain*, *na pawang ganito na lamang at walang pagbabago. Samakatuwid*, *hilingin mo sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha* (*Allâh*) *na magpasibol mula sa kalupaan ng mga makakain*, *na katulad ng mga* '*baql*' (*mga dahong gulay*), *mga pipino*, *mga* '*fum*,' *mga* '*lentil*' *at mga sibuyas.*"

Kung kaya sinabi ni Mousã (عليه السلام) na may pagkagulat: "*Humihingi kayo ng pagkain na mas mababang uri kaysa sa inyong kinakain* (*sa ngayon*) *at inaayawan ninyo ang biyaya ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *na Kanyang pinili para sa inyo? Kaya't umalis kayo sa bayang ito at magtungo kayo sa alinmang bayan at makikita ninyo roon ang anumang inyong hinahanap sa mga bukirin at pamilihan!*"

At noong sila ay umalis at nagtungo roon, napatunayan nila na ang palagi na lamang nilang inuuna ay ang kanilang mga sariling pagnanasa kaysa sa kung ano ang napili ng Allâh (سبحانه وتعالى) para sa kanila. Kaya, sila ay nalipos ng paghamak at kahirapan. Inilagay nila ang kanilang mga sarili sa pagkapoot ng Allâh dahil sa kanilang pagtalikod sa '*Deen*' ng Allâh, at dahil sa kanilang paglabag sa mga talata at mga palatandaang nagmula sa Allâh (سبحانه وتعالى), at pinapatay nila ang mga Propeta dahil sa kanilang sukdulang kasamaan at matinding pagmamatigas, at paglabag sa itinakdang hangganan ng Allâh.



62. Katiyakan, ang mga naniwala mula sa sambayanan na ito: na sila ay yaong naniwala sa Allâh (ﷻ), sa Kanyang mga Sugo, at sinunod nila ang Kanyang batas; at saka sa mga yaong naniwala bago ipinadala si Propeta Muhammad (ﷺ) --- mula sa mga naunang nasyon ng mga Hudyo, mga Kristiyano; at mga '*Sâbi-în*' --- na sila ang mga yaong nanatili sa kanilang '*Fitrah*' na wala silang natatanging relihiyon na sinusunod.

Kung silang lahat ay naniwala sa Allâh (ﷻ) --- tunay at taimtim na paniniwala, at naniwala (rin) sila sa Araw ng Muling Pagkabuhay at Araw ng Paghuhukom, at gumawa sila ng mga mababuting gawa na kalugud-lugod sa paningin ng Allâh (ﷻ). Samakatuwid, nanatiling naka-tala ang kanilang gantimpala mula sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at wala silang dapat ipangamba hinggil sa kanilang kahihinatnan at hindi nila pagsisisihan ang kanilang nakaraan.

Subali't pagkatapos na maipadala si Propeta Muhammad (ﷺ), bilang kahuli-hulihan sa lahat ng mga Propeta at mga Sugo para sa sangkatauhan [na ang pagkakasugo sa kanya ay upang ibalik muli ang lahat sa tunay na katuruan ng mga naunang Propeta at Sugo na dinumihan at binago], ay wala nang maaari pang tatanggaping '*Deen*' kaninuman sa paningin ng Allâh (ﷻ) kundi ang kanyang dinalang '*Deen*,' [na siya ring katuruan ng lahat ng mga Propeta at Sugo] --- ang tinatawag na Relihiyong Islâm o '*Deen Al-Islâm*.'

63. At alalahanin pa rin ninyo, O kayo na mga angkan ni Isrâ`îl, noong kayo ay sumumpa ng kasunduan, na tanging ang Allâh (ﷻ) lamang ang inyong paniniwalaan at sasambahin. Aming itinaas sa ibabaw ninyo ang bundok ng '*Tûr*' at sinabi Namin sa inyo: "*Kunin ninyo ang Aklat na Aming ipinagkaloob sa inyo at panghawakan ninyo ito nang buong pagsisikap at katapatan*, *at huwag na huwag ninyo itong kalilimutan na bigkasin at sundin*; *nang sa gayon ay magkaroon kayo ng* '*Taqwâ*' *sa Akin* (*sa pamamagitan ng pagsunod sa ipinag-utos at pag-iwas sa ipinagbawal*) *at matakot sa Aking kaparusahan*."

64. Pagkatapos ay sumalungat kayo at muling lumabag sa kautusan pagkatapos ninyong mangako noong itinaas ang bundok sa ibabaw ninyo. Ganoon talaga ang inyong pag-uugali, na kung hindi lamang dahil sa kagandahang-loob at mga biyaya ng Allâh (ﷻ) at Kanyang awa sa inyo, na kayo ay patawarin sa inyong mga kasalanan; ay mapapabilang kayo sa mga talunan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

65. At walang pag-aalinlangan, batid ninyo ang masidhing pagkakasala ng inyong mga ninuno, noong nilabag nila ang itinakdang hangganan o kagustuhan ng Allâh (ﷻ) bilang matinding kasamaan at paghihimagsik. Ipinagbawal sa kanila noon, dahil sa kanilang pagkakasala, ang pangingisda sa araw ng Sabado ('*Sabbath*'), gayon pa man ay naglagay pa rin sila ng lambat sa araw na yaon at nanghuli sila ng mga isda. Na kung kaya, dahil sa paglabag nila, sinabi Namin sa kanila: "*Maging mga unggoy kayo*, *na kahamak-hamak at tinanggihan.*" Kaya't sila ay naging mga unggoy.

66. Samakatuwid, ginawa Namin ang kaparusahan sa bayang yaon bilang aral sa mga bayang nakapalibot sa kanila, at upang maiparating din sa iba ang kuwento hinggil sa nangyari sa kanila, at maging aral din kung gayon sa sinumang gagawa (pagkatapos nila) ng katulad ng pagkakasalang ito na kanilang ginawa. At isang aral para sa mga mababuti, nang sa gayon ay mapatunayan nilang sila ay nasa katotohanan at sila ay manatili rito.

67. At alalahanin pa rin ninyo, O mga angkan ni Isrâ`îl, ang nagawang kasalanan ng inyong mga ninuno at ang kanilang pagmamatigas at matinding pakikipagtalo kay Mousã (عليه السلام), noong sinabi sa kanila ni Mousã (عليه السلام): "*Ang Allâh* (ﷻ) *ay nag-utos sa inyong magkatay ng baka.*"

Sinabi nila bilang pagmamataas: "*Nililoko mo ba kami at minamaliit*, *O Mousã?*" Sinagot sila ni Mousã (عليه السلام) at sinabi: "*Hinihiling ko ang kalinga ng Allâh* (ﷻ) *para ako ay hindi mapabilang sa mga nangungutya.*"

68. Sinabi nila: "*Hilingin mo para sa amin sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *O Mousã*, *na linawin sa amin kung anong uri ng baka ang aming kakatayin*." Sinagot sila ni Mousã (عليه السلام): "*Katiyakan*, *sinabi ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*, *na ang katangian ng bakang yaon ay hindi matanda at hindi naman masyadong bata*, *kundi nasa pagitan nito. Samakatuwid*, *madaliin ninyo ang pagsunod sa kagustuhan ng inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha.*"

69. Subali't nakipagtalo silang muli at kanilang sinabi: "*Hilingin mo para sa amin sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na linawin sa amin kung ano ang kulay nito*," na kung kaya, sinabi niya: "*Katiyakan*, *sinabi ng Allâh* (ﷻ), *na ito ay kulay dilaw*, *matindi ang katingkaran ng kadilawan nito at kaiga-igaya sa paningin ng tao*."



70. Sinabi ng mga angkan ni Isrâ`îl kay Mousã (ﷺ): "*Idalangin mo para sa amin sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na linawin ang iba pang katangian nito maliban sa nabanggit*, *dahil maraming baka na ganito ang katangian at hindi namin alam kung ano ang pipiliin namin? At katiyakan*, *sa kapahintulutan ng Allâh ay mapatnubayan at maipakita sa amin kung anong uri ng baka ang aming kakatayin.*"

71. Sinabi sa kanila ni Mousã (ﷺ): "*Katiyakang ang Allâh* (ﷻ) *ay nagsabi*: '*Katiyakan*, *ang bakang ito ay hindi ginagamit sa pagbubungkal ng kalupaan*, *sa pagdidilig ng mga pananim*, *at wala itong kapintasan* -- *- wala kayong makikitang katulad ng kulay ng balat ng bakang ito*, *kundi ito lamang ang nagtataglay ng ganoong uri ng kulay*, *na kakaiba at natatangi*.'"

Sinabi nila: "*Ngayon! Sinabi mo na sa amin ang katotohanan hinggil sa katangian nito*," na kung kaya, napilitan silang katayin ito pagkatapos ng mahabang panlilinlang at halos ayaw pa nila itong gawin dahil sa kanilang pagmamatigas. Kaya't dahil sa kanilang panggigiit ay naging mahigpit sa kanila ang Allâh (ﷻ).

72. At alalahanin pa rin ninyo, noong kayo ay pumatay ng isang tao at kayo ay nagtalu-talo hinggil dito at nagsisihan sa isa't isa, na walang umamin sa inyo kung sino ang gumawa nito. Subali't ibinunyag ng Allâh (ﷻ) ang inyong itinago kung sino talaga ang tunay na pumatay.

73. Kaya't sinabi Namin: "*Ipalo ang bahagi ng bakang ito na inyong kinatay sa taong pinaslang*," nang sa gayon ay bubuhayin ng Allâh (ﷻ) ang namatay at sasabihin sa inyo kung sino ang pumatay sa kanya. Kung kaya, ipinalo nila ang bahaging ito sa pinaslang at binuhay ito ng Allâh (ﷻ) at sinabi niya kung sino ang pumatay sa kanya.

Ganoon ang Allâh (ﷻ) kapag binuhay Niya na mag-uli ang mga namatay sa Araw ng Muling Pagkabuhay at ipapakita Niya sa inyo, O kayong mga angkan ni Isrâ`îl,

ang Kanyang mga kapangyarihang nagpapatunay ng Kanyang ganap na kakayahan, nang sa gayon ay mapag-isipan ninyo ito nang mabuti at para maitigil ninyo ang pagsasagawa ng mga kasalanan.

74. Subali't hindi ito naging kapaki-pakinabang sa inyo, dahil kahit na napakarami na ng mga himala ang ipinakita sa inyo (ay hindi kayo napagbago nito, bagkus) ay mas lalo pang tumindi ang katigasan ng inyong mga puso at hindi na tumalab sa inyo ang anumang kabutihan.

Hindi ito lumambot sa rami ng kapangyarihang inyong tinamasa bagkus ay naging katulad pa ng matigas na bato ang inyong mga puso o naging mas higit pa kaysa rito. Dahil minsan ang bato ay nabibiyak at bumubukal mula rito ang tubig at nagiging mga ilog na umaagos. Mayroon din sa mga batong ito na nabibiyak at lumalabas mula rito ang maraming bukal. Ang iba naman ay naglalaglagan mula sa mga tuktok ng bundok dahil sa pagkatakot sa Allâh (ﷻ) at pagdakila sa Kanya. Hindi kailanman nakaliligtaan ng Allâh (ﷻ) kung ano ang inyong mga ginagawa.

75. O kayong mga Muslim, nakalimutan na ba ninyo ang ginawa ng mga angkan ni Isrâ`îl at inaasam-asam ninyong sila ay maniwala sa inyong '*Deen*,' gayong naririnig ng kanilang mga Paham (Iskolar) ang mga salita ng Allâh (ﷻ) mula sa '*Tawrah*,' pagkatapos ay binago at inilayo nila ito mula sa tamang kahulugan pagkatapos nilang maunawaan ang katotohanan hinggil dito, o di kaya ay binago nila ang mga kataga nito kahit na batid pa nilang ang kanilang ginawa ay paglilihis sa salita ng '*Rabb*' na Tagapaglikha ng sangkatauhan, na sinasadya at bilang pagsisinungaling.

76. Silang mga Hudyo, kapag nakatatagpo nila ang mga naniwala, sasabihin nila: "*Naniwala kami --- naniwala kami sa inyong* '*Deen*' *at sa inyong Sugo na inihayag sa* '*Tawrah.*'"

Subali't kapag sila-sila na lamang ang magkakasama na kapuwa mapagkunwari mula sa mga Hudyo, sasabihin nila nang may panlilibak at hindi pagsang-ayon: "*Isasalaysay ba ninyo sa mga mananampalataya kung ano ang sinabi ng Allâh sa inyo sa* '*Tawrah*' *hinggil sa katangian ni Muhammad upang magkaroon sila ng katibayan laban sa inyo*, *sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa Araw ng Muling Pagkabuhay? Hindi ba kayo nakaiintindi*, *na kung gayon ay maging maingat kayo sa inyong mga pananalita?*"



77. Ginagawa ba nila ang kasalanang ito dahil sa hindi nila alam na batid ng Allâh (ﷻ) kung ano ang kanilang inililihim at inilalantad?

78. Mayroong grupo na kabilang sa mga Hudyo, na mangmang, na walang nalalaman hinggil sa '*Tawrah*' at sa mga nilalaman nito tungkol sa mga katangian ng Propeta ng Allâh at Kanyang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ). Na ang alam lamang nila ay ang kasinungalingan at pagsalig sa kanilang maling pag-aakala at sila ay nanghuhula lamang.

79. Kapighatian at kapahamakan para sa mga masasama mula sa mga Maalam (Paham) ng mga Hudyo, na nagbibigay ng maling katuruan, na kanilang isinusulat ang Aklat sa pamamagitan ng kanilang mga sariling kamay at pagkatapos ay sinasabi nila: "*Ito ay nagmula sa Allâh na nakasulat sa* '*Tawrah*;' *upang ipagpalit ito sa napakaliit na halaga ng makamundong bagay.*" Ang para sa kanila ay masidhing kaparusahan dahil sa kanilang pagsulat ng mga kamaliang ito sa pamamagitan ng kanilang mga kamay, at para pa rin sa kanila ang matinding pagpapahirap dahil sa tinanggap nilang kaunting halaga mula sa kasamaang kanilang kinita, katulad ng suhol at iba pa upang baguhin nila ang mga salita ng Allâh (ﷻ).

80. At sinabi ng mga angkan ni Isrâ`îl: "*Hindi kami paparusahan sa Impiyernong-Apoy sa Araw ng Muling Pagkabuhay kundi sa iilang araw lamang.*" Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ) bilang pagsalungat sa kanilang pag-angkin: "*Mayroon ba kayong ginawang kasunduan sa Allâh* (ﷻ) *hinggil sa mga sinasabi ninyo*, *dahil ang Allâh* (ﷻ) *ay hindi sumisira sa Kanyang kasunduan? O kayo lamang ang nagsasabi ng mga bagay-bagay na wala kayong alam at pawang kasinungalingan lamang?*"

81. Ang batas ng Allâh (ﷻ) ay hindi nababago; samakatuwid, ang sinumang gumawa ng pagkakasala na nag-aakay patungo sa di-paniniwala, at pagkatapos nito ay nalulong siya sa lahat ng uri ng mga kasalanan --- ang mga katulad nila ang mananatili sa Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan.

82. Gayundin sa kabilang dako, (kailanman) ang batas ng Allâh (ﷻ) ay hindi nababago; samakatuwid, ang sinumang naniwala sa Kanya nang taos-puso at naniwala sa Kanyang mga Sugo, gumawa ng kabutihan ayon sa Kanyang batas na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga Sugo --- sila ang mananatili sa '*Al-Jannah*' sa Kabilang-Buhay magpasawalang-hanggan.

83. At alalahanin pa rin ninyo, O mga angkan ni Isrâ`il, noong kayo ay sumumpa ng kasunduan, na ituturing ninyo ang Allâh (ﷻ) bilang Nag-iisa at Siya lamang ang bukod-tangi ninyong sasambahin, at magiging masunurin at magiging mabuti kayo sa inyong mga magulang at sa mga kamag-anak, at sa mga ulilang namatayan ng magulang bago nila sinapit ang hustong gulang, at sa mga mahihirap. At kapag kayo ay nagsalita sa mga tao ay pawang mababuting salita lamang ang inyong sasabihin, kasama ang pagsasagawa ng pagsa-'*Salâh*,' pagbibigay ng obligadong kawanggawa ('*Zakâh*'). Subali't tumalikod kayo at hindi ninyo sinunod ang mga ito. Sinira ninyo ang kasunduan at nagpatuloy kayo sa inyong pagtanggi, maliban na lamang sa mangilan-ngilan sa inyo.


وَإِذْ أَخَذْنَا مِيثَٰقَكُمْ لَا تَسْفِكُونَ دِمَآءَكُمْ وَلَا تُخْرِجُونَ
أَنفُسَكُم مِّن دِيَٰرِكُمْ ثُمَّ أَقْرَرْتُمْ وَأَنتُمْ تَشْهَدُونَ ﴿٨٤﴾
ثُمَّ أَنتُمْ هَٰٓؤُلَآءِ تَقْتُلُونَ أَنفُسَكُمْ وَتُخْرِجُونَ فَرِيقًا
مِّنكُم مِّن دِيَٰرِهِمْ تَظَٰهَرُونَ عَلَيْهِم بِٱلْإِثْمِ وَٱلْعُدْوَٰنِ
وَإِن يَأْتُوكُمْ أُسَٰرَىٰ تُفَٰدُوهُمْ وَهُوَ مُحَرَّمٌ عَلَيْكُمْ
إِخْرَاجُهُمْ ۚ أَفَتُؤْمِنُونَ بِبَعْضِ ٱلْكِتَٰبِ وَتَكْفُرُونَ
بِبَعْضٍ ۚ فَمَا جَزَآءُ مَن يَفْعَلُ ذَٰلِكَ مِنكُمْ إِلَّا خِزْىٌ
فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۖ وَيَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ يُرَدُّونَ إِلَىٰٓ أَشَدِّ ٱلْعَذَابِ ۗ
وَمَا ٱللَّهُ بِغَٰفِلٍ عَمَّا تَعْمَلُونَ ﴿٨٥﴾ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ ٱشْتَرَوُا۟
ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا بِٱلْءَاخِرَةِ ۖ فَلَا يُخَفَّفُ عَنْهُمُ ٱلْعَذَابُ وَلَا هُمْ
يُنصَرُونَ ﴿٨٦﴾ وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ وَقَفَّيْنَا مِنۢ
بَعْدِهِۦ بِٱلرُّسُلِ ۖ وَءَاتَيْنَا عِيسَى ٱبْنَ مَرْيَمَ ٱلْبَيِّنَٰتِ وَأَيَّدْنَٰهُ
بِرُوحِ ٱلْقُدُسِ ۗ أَفَكُلَّمَا جَآءَكُمْ رَسُولٌۢ بِمَا لَا تَهْوَىٰٓ أَنفُسُكُمُ
ٱسْتَكْبَرْتُمْ فَفَرِيقًا كَذَّبْتُمْ وَفَرِيقًا تَقْتُلُونَ ﴿٨٧﴾ وَقَالُوا۟
قُلُوبُنَا غُلْفٌ ۚ بَل لَّعَنَهُمُ ٱللَّهُ بِكُفْرِهِمْ فَقَلِيلًا مَّا يُؤْمِنُونَ ﴿٨٨﴾

84. At alalahanin pa rin ninyo, O mga angkan ni Isrâ`il, noong sumumpa kayo ng kasunduan ayon sa '*Tawrah*,' na ipinagbawal sa inyo ang pagdanak ng dugo sa isa't isa at pagpapalayas sa iba (na mga kalahi ninyo) mula sa kani-kanilang tahanan. At inamin ninyo ang bagay na ito, at sinaksihan ninyo ito na kayo ay nakipagkasundo sa Allâh (ﷻ).

85. Pagkatapos ay nagpatayan kayo sa isa't isa at pinalayas ninyo ang inyong mga kapwa mula sa kani-kanilang tahanan. Nagpatulong ang bawa't grupo sa inyo, sa inyong mga kaaway laban sa inyong mga kapatid bilang pagtataksil at pag-aalipusta. At kapag nakabibihag mula sa inyong mga kapatid ang inyong kalaban, ay gumagawa kayo ng paraan para mapalaya sila sa pamamagitan ng pagtubos sa kanila, gayong ipinagbabawal sa inyo na palayasin sila mula sa kani-kanilang mga tahanan. Napakasama ng inyong ginawa, nang ang pinaniwalaan lamang ninyo ay ang iilan sa mga batas ng '*Tawrah*' at tinanggihan ang iba.

Kaya walang nararapat sa sinumang gumawa nito mula sa kanila kundi kapahamakan at pagkapahiya rito sa daigdig, at sa Kabilang-Buhay ay itatapon sila ng Allâh (ﷻ) sa pinakamatinding kaparusahan sa Impiyerno, sapagka't ang Allâh (ﷻ), hindi Niya nakaliligtaan ang anumang inyong ginagawa.

86. Sila ang mga yaong ipinagpalit nila ang Kabilang-Buhay sa napakaliit na halaga ng buhay dito sa daigdig. Kailanman ay hindi gagaan ang kaparusahan para sa kanila at walang makatutulong sa kanila para iligtas sila mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

87. At katiyakan, ibinigay Namin kay Mousã (عليه السلام) ang '*Tawrah*,' pagkatapos ay nagpadala Kami ng mga Sugo kasunod niya mula sa mga angkan ni Isrâ`il. At ipinagkaloob Namin kay `Îsã (Hesus عليه السلام), na anak ni Maryam (Maria عليها السلام) ang mga himalang malilinaw na palatandaan at tinulungan siya ni Anghel Jibrîl (Gabriel عليه السلام) --- ang '*Rûhul Qudus*' (Banal na Espiritu).

Sa tuwing may dumating ba sa inyong Sugo na may dala-dalang kapahayagan mula sa Allâh (ﷻ) na hindi sumasang-ayon sa inyong kagustuhan ay nagmamataas kayo, kung kaya, tinatanggihan ninyo ang ilan sa kanila at pinapatay ang iba?

88. At sinabi nila sa Propeta ng Allâh at Kanyang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ): "*Ang aming mga puso ay nakabalot na kaya't hindi na tumatalab ang iyong salita.*" Sa katunayan, mali ang kanilang pag-angkin, ang totoo ay isinumpa ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso kaya ito ay nakasara na. Samakatuwid, malayo sila sa awa ng Allâh (ﷻ), dahil sa kanilang pagmamatigas at iilan lamang sa kanila ang naniwala.



89. At noong dumating sa kanila ang Qur'ân mula sa Allâh (ﷻ), na nagpapatotoo sa Aklat ng '*Tawrah*' na nasa kanila, ito ay kanilang tinanggihan at hindi sila naniwala sa pagiging Propeta ni Propeta Muhammad (ﷺ), gayong bago siya ipinadala ay nanalangin sila laban sa mga Arabong *Mushrikûn*, na nagsasabing: "*Malapit na ang pagdating ng Huling Sugo sa dulo ng panahon at susunod kami sa kanya at makikipaglaban kami na kasama niya laban sa inyo.*"

Subali't nang dumating ang Sugo sa kanila at nakilala nila ito sa pamamagitan ng kanyang mga katangiang batid nila at ang kanyang pagiging totoo, gayon pa man kahit na nakilala na nila ito ay tinanggihan pa rin nila at pinasinungalingan. Kung kaya, isinumpa ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng mga hindi naniwala sa Propeta ng Allâh at Kanyang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ) at sa Aklat ng Allâh (ﷻ) na ipinahayag sa kanya – ang Qur'ân.

90. Anong sama ng napiling pasya ng mga angkan ni Isrâ`il para sa kanilang mga sarili, noong ipinagpalit nila ang tamang paniniwala sa pagtanggi bilang paglabag at panibugho, sa ipinadala ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang kagandahang-loob sa Kanyang Propeta at Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ) – ito ay ang Qur'ân. Kung kaya, sila ay nabigo at napahamak. Ang para sa kanila ay sumpa ng Allâh dahil sa pagmamatigas at pagtanggi nila kay Propeta Muhammad (ﷺ) pagkatapos silang isumpa ng Allâh (ﷻ) dahil sa pagbago nila sa '*Tawrah*.' Kaya't ang sinumang tumanggi sa pagiging Propeta ni Muhammad (ﷺ) ay kaparusahan at kapahamakan ang para sa kanila

91. At noong sinabi ng ilan sa mga Muslim sa mga Hudyo: "*Maniwala kayo sa ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *na Dakilang Qur'ân*," sinabi nila: "*Ang pinaniniwalaan lamang namin ay 'yung kung ano lamang ang ipinahayag ng Allâh sa aming mga Propeta.*" Sa ganitong kadahilanan ay tinanggihan nila ang mga ipinahayag ng Allâh (ﷻ) (sa Huling Sugo) pagkatapos ng naunang mga Propeta. Gayong sa katotohanan, ito ay tumutugma at nagpapatotoo sa anumang kasulatan na pinanghahawakan nila. Kung talagang tunay silang naniniwala sa kanilang Aklat,

dapat ay paniwalaan nila ang Kabanal-banalan na Qur'ân, dahil ito ang nagpatunay kung ano ang nasa kanila.

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Kung kayo ay tunay na naniniwala sa ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*, *bakit ninyo pinatay noon ang mga naunang Propeta ng Allâh?*"

92. At katiyakan, dumating sa inyo ang Propeta ng Allâh na si Mousã (عليه السلام) na dala-dala niya ang mga malinaw na mga himala at mga palatandaang nagpapatunay ng kanyang pagiging Propeta, katulad ng baha, mga tipaklong, mga kuto (lahat ng uri ng '*Qummal*'), mga palaka at iba pang nabanggit sa Dakilang Qur'ân.

Magkagayunpama'y sinamba pa rin ninyo ang bakang inanyuan noong umalis si Mousã (عليه السلام) patungo sa itinalagang pakikipag-usap niya sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha. Samakatuwid, kayo ay lumabag sa hangganang itinakda ng Allâh.

93. At alalahanin pa rin ninyo, noong kayo ay sumumpa ng kasunduan na tatanggapin ninyo ang anumang dala-dala ni Mousã (عليه السلام) na '*Tawrah*.' Subali't sinira ninyo ang kasunduang ito, na kung kaya, itinaas Namin sa inyong mga ulunan ang bundok ng '*Tûr*,' at sinabi Namin sa inyo: "*Pangalagaan ninyo nang lubusan ang ibinigay Namin*, *makinig at sumunod kayo*, *kundi ay ibabagsak Namin ang bundok sa inyo.*" Subali't sinabi ninyo: "*Narinig namin ang sinabi mo* (*O Mousã* عليه السلام) *pero nilalabag namin ang utos mo*; *ang pagsamba ninyo sa inanyuang baka ang siyang naikintal sa inyong mga kalooban dahil sa patuloy ninyong paglabag*."

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Sa katotohanan*, *napakasama ng ipinag-uutos ng inyong paniniwala sa inyo na paglabag at pagkaligaw*, *kung kayo nga ay tunay na naniniwala sa kung ano ang ipinahayag ng Allâh* (ﷻ)."



94. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga Hudyo na nag-aangkin na ang '*Al-Jannah*' ay para lamang sa kanila, sa pag-angkin nilang sila lamang ang malalapit sa Allâh at hindi ang ibang mga tao, at sila ay mga anak ng Allâh at mga minamahal. Samakatuwid, kung gayon: "*Hilingin ninyo ang Sumpa na Pagkamatay*, *sa mga nagsisinungaling mula sa inyo at sa iba pa*, *kung kayo ay totoo sa inyong pag-angkin*."

95. At kailanman ay hindi nila ito gagawin, sa kadahilanang alam nila ang pagiging totoong Propeta ni Propeta Muhammad (ﷺ) at sila ay nagsisinungaling. Na kung kaya, dahil sa kanilang paglabag at di-paniniwala, ito ang magiging sanhi ng pagbabawal sa kanila ng '*Al-Jannah*' at magiging dahilan ng pagpasok nila sa Impiyernong-Apoy. At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Walang-Hanggang Nakaaalam at Ganap na Nakababatid kung sino ang masasama sa Kanyang mga alipin at ito ay Kanyang papagbabayarin.

96. At mababatid mo, O Muhammad (ﷺ), na ang mga Hudyo ay siyang pinakasakim sa sangkatauhan, hinggil sa pagnanasang humaba ang kanilang buhay dito sa daigdig, kahit na ito pa ang magpapahamak sa kanila. Higit pa ang kanilang kagustuhang humaba ang kanilang buhay kaysa sa mga '*Mushrikîn*.' Sapagka't inaasam-asam nila ang mabuhay ng isang libong taon; gayong ang ganito katagal ay hindi pa rin maglalayo sa kanila sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ). Siya ang Allâh (ﷻ), walang maililihim sa Kanya na kahit na anuman mula sa kanilang mga ginagawa.

97. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga Hudyo, noong sinabi nila na: "*Si Anghel Jibrîl* (Gabriel عليه السلام) *ay aming kalaban mula sa mga anghel.*" "*Sinuman ang kalaban ni Jibrîl* (عليه السلام) (*hayaan siyang mamatay sa matinding galit*), *dahil walang pag-aalinlangan*, *siya ang nagbaba ng Dakilang Qur'ân sa iyong puso*, *O Muhammad* (ﷺ), *sa kapahintulutan ng Allâh* (ﷻ), *na nagpapatunay sa mga Aklat na nauna kaysa rito*, *at bilang gabay patungo sa katotohanan at nagbibigay ng*

magandang balita para sa mga naniwala rito, *na ang para sa kanila ay kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay*."

98. Sinuman ang kalaban ng Allâh (ﷻ), ng Kanyang mga anghel, ng Kanyang mga Sugo, lalung-lalo na ng dalawang Anghel na sina Jibrîl (عليه السلام) at Mikâil (عليه السلام); katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay kalaban ng lahat ng mga walang pananampalataya.

99. At katiyakan, ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang mga dakilang talata na malilinaw na mga palatandaan, na nagpapatunay ng iyong pagiging Propeta at walang sinuman ang tatanggi rito kundi yaong mga lumalabag at mga lumabas sa '*Deen*' ng Allâh.

100. Napakasama ang naging kalagayan ng mga angkan ni Isrâ`il, noong nilabag nila ang kasunduan, na sa tuwing nakikipagkasundo sila ay isinasaisang-tabi ito ng isa sa mga grupo nila at ito ay kanilang nilalabag. Makikita mong makikipagkasundo sila sa ngayon subali't kinabukasan ay sisirain nila ito. Sapagka't, ang nakararami sa kanila ay hindi naniniwala sa mensaheng dinala ni Propeta Muhammad (ﷺ).

101. Noong dumating sa kanila si Muhammad (ﷺ), ang Sugo ng Allâh na dala ang Dakilang Qur'ân, na tumutugma sa anumang pinanghahawakan nilang '*Tawrah*.' Ang ilan sa kanila na pinagkalooban ng kasulatan ay isinaisang-tabi ang Aklat ng Allâh, inilagay nila ang Aklat sa kanilang mga likuran --- itinago nila ang kasulatan, na parang ito ay hindi nila alam. Ang katulad nila ay mga mangmang na walang kaalam-alam sa katotohanan.



102. Sinunod ng mga Hudyo ang iniudyok sa kanila ng mga ‘*Shaytân*’ (Satanas) bilang ‘*Sihr*’ (pagsasala-mangka) noong kapanahunan ni Haring Sulaymân (Solomon ﷺ) na anak ni Dâwood (David ﷺ). Sa katunayan, hindi si Sulaymân (ﷺ) ang lumabag at hindi siya ang nag-aral ng ‘*Sihr.*’ Walang iba kundi ang mga ‘*Shaytân*’ ang siyang tunay na lumabag sa kautusan ng Allâh (ﷻ) noong itinuro nila sa mga tao ang ‘*Sihr*’ upang masira ang kanilang ‘*Deen.*’

At ganoon din, ang mga Hudyo ay sinunod nila ang ‘*Sihr*’ na ibinaba sa dalawang anghel na sina ‘*Hârut*’ at ‘*Mârut*’ na nasa lupain ng *Babylon* (na sakop ng *Iraq* sa ngayon) bilang pagsubok mula sa Allâh (ﷻ) para sa Kanyang mga alipin, hindi ito itinuturo ng dalawang anghel kaninuman nang hindi sila nagbibigay ng payo at babala mula sa pag-aaral ng ‘*Sihr*,’ na sinasabi nilang dalawa: “*Huwag kang lumabag sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng pag-aaral ng* ‘*Sihr*’ *at pagsunod sa mga Shaytân.*”

Ang mga natutunan ng mga tao sa mga anghel na ito ay kung papaano nila lagyan ng pagkamuhi ang kalooban ng mag-asawa upang sila ay magkahiwalay, subali’t hindi magagawa ng mga nagsasagawa ng salamangka na ipahamak ang sinuman, maliban na lamang kung ito ay nanaisin ng Allâh (ﷻ) at Kanyang ipapasiya. At walang sinuman ang natuto ng ‘*Sihr*’ nang hindi nakasira sa kanila at wala itong ibinigay na anumang pakinabang sa kanila.

Samakatuwid, ito ang dinala ng mga ‘*Shaytân*’ sa mga Hudyo, hanggang sa ito ay naging laganap sa kanila. Sa katunayan, mas inuna pa nila ito kaysa sa Aklat ng Allâh; at katiyakan, kahit na alam pa ng mga Hudyo na ang pagpili sa ‘*Sihr*’ at pagtalikod sa katotohanan ay walang mapapalang anumang kabutihan sa Kabilang-Buhay.

At napakasama ang ginawa nilang pagbenta sa kanilang mga sarili bilang kapalit ng ‘*Sihr*’ at paglabag. Ipinagpalit nila ito sa tamang pananampalataya at pagsunod

sa Sugo, kung nababatid lamang nila ang mga pagpapayo sa kanila ay hindi nila ito ipagpapalit.

103. Kung ang mga Hudyo ay naniwala lamang at nagkaroon ng takot sa Allâh (ﷻ), mapatutunayan nilang ang gantimpala ng Allâh (ﷻ) ay higit na nakabubuti kaysa sa '*Sihr*' at sa kung anu-anuman na kanilang natamo sa pamamagitan nito. Kung batid lamang nila ang gantimpala ng Allâh (ﷻ) sa sinumang susunod sa Kanya.

104. O kayong mga naniwala sa Allâh, huwag ninyong sabihin sa Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ) na "*Râ`ina*" (na ang ibig sabihin nito ay pangalagaan mo kami at maging dahan-dahan ka sa pagsasalita sa amin hanggang sa maintindihan namin ang iyong sinasabi); bagkus ay sabihin ninyong "*Un-dzur-na*" (na ang ibig sabihin ay matyagan mo kami bilang pangangalaga); dahil nagbibigay din ito ng ganoong kahulugan, sapagka't ang mga Hudyo noon ay sinasabi nila kay Propeta Muhammad (ﷺ) na "*Râ`ina*" (na ang ibig nilang sabihin ay paghamak); samakatuwid, ang para sa mga lumalabag ay makatitikim ng matinding kaparusahan.

105. Hindi nais ng mga walang pananampalataya mula sa '*Ahlul Kitâb*' – mga taong nagtatangan ng mga naunang Kasulatan, na mga Hudyo at mga Kristiyano; at sa mga '*Mushrikîn*,' na dumating sa inyo ang kahit na anumang kabutihan mula sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na tulad ng Dakilang Qur'ân o anumang kaalaman, o di kaya ay tulong o magandang balita. Subali't ang awa ng Allâh (ﷻ) ay namumukod-tangi sa sinumang Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin, sa pagbibigay ng pagka-Propeta at pagbibigay ng mensahe. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Dhul Fadhlil `Adzeem***' – Ganap na Nagmamay-ari ng Napakadakilang Biyaya at Kagandahang-Loob.



مَا نَنسَخْ مِنْ ءَايَةٍ أَوْ نُنسِهَا نَأْتِ بِخَيْرٍ مِّنْهَآ أَوْ مِثْلِهَآ ۗ
أَلَمْ تَعْلَمْ أَنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٠٦﴾ أَلَمْ تَعْلَمْ أَنَّ ٱللَّهَ لَهُۥ
مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ وَمَا لَكُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ مِن
وَلِىٍّ وَلَا نَصِيرٍ ﴿١٠٧﴾ أَمْ تُرِيدُونَ أَن تَسْـَٔلُوا۟ رَسُولَكُمْ
كَمَا سُـُٔلَ مُوسَىٰ مِن قَبْلُ ۗ وَمَن يَتَبَدَّلِ ٱلْكُفْرَ بِٱلْإِيمَٰنِ
فَقَدْ ضَلَّ سَوَآءَ ٱلسَّبِيلِ ﴿١٠٨﴾ وَدَّ كَثِيرٌ مِّنْ أَهْلِ
ٱلْكِتَٰبِ لَوْ يَرُدُّونَكُم مِّنۢ بَعْدِ إِيمَٰنِكُمْ كُفَّارًا حَسَدًا
مِّنْ عِندِ أَنفُسِهِم مِّنۢ بَعْدِ مَا تَبَيَّنَ لَهُمُ ٱلْحَقُّ ۖ فَٱعْفُوا۟
وَٱصْفَحُوا۟ حَتَّىٰ يَأْتِىَ ٱللَّهُ بِأَمْرِهِۦٓ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ
﴿١٠٩﴾ وَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتُوا۟ ٱلزَّكَوٰةَ ۚ وَمَا تُقَدِّمُوا۟ لِأَنفُسِكُم
مِّنْ خَيْرٍ تَجِدُوهُ عِندَ ٱللَّهِ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ
﴿١١٠﴾ وَقَالُوا۟ لَن يَدْخُلَ ٱلْجَنَّةَ إِلَّا مَن كَانَ هُودًا أَوْ نَصَٰرَىٰ ۗ
تِلْكَ أَمَانِيُّهُمْ ۗ قُلْ هَاتُوا۟ بُرْهَٰنَكُمْ إِن كُنتُمْ
صَٰدِقِينَ ﴿١١١﴾ بَلَىٰ مَنْ أَسْلَمَ وَجْهَهُۥ لِلَّهِ وَهُوَ مُحْسِنٌ
فَلَهُۥٓ أَجْرُهُۥ عِندَ رَبِّهِۦ وَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿١١٢﴾

106. Ang anumang talata (o rebelasyon) na Aming pinalitan at aalisin sa mga puso at isipan, ay Amin itong pinapalitan nang higit pa kaysa rito o di kaya ay muli Kaming nagbibigay ng kapareho nito, bilang kautusan at gantimpala, na ang bawa't isa sa mga talatang ito ay may sapat na karunungan.

Hindi mo ba alam, O Muhammad (ﷺ), ikaw at ang iyong sambayanan, na ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Qadeer***' – Walang-Hanggan at Ganap na Makapangyarihan na May Kakayahang gawin ang lahat ng bagay at walang anumang makapipigil sa Kanya?

107. Hindi mo (rin) ba alam, O Muhammad (ﷺ) at ng iyong sambayanan, na ang Allâh (ﷻ) ay tanging Nagmamay-ari at Nangangasiwa sa mga kalangitan at kalupaan? Ginagawa Niya ang anuman na Kanyang nais, Nagpapasiya Siya ng batas na anuman na Kanyang nais, Nag-aatas Siya sa Kanyang mga alipin at Nagbabawal sa pamamaraan na Kanyang nais; samakatuwid, tungkulin nila ang sumunod at tanggapin ang mga ito. Nguni't kapag sila ay tumanggi, dapat nilang mabatid, na wala silang maaaring maging tagapagtaguyod bukod sa Allâh (ﷻ) at walang sinumang maaaring makatulong upang pigilin ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

108. O sangkatauhan! Nais ba ninyong hilingin sa inyong Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ) ang mga bagay, na ang inyong layunin ay paglabag at pagmamataas, na tulad ng ginawang paghiling ng mga Hudyo kay Mousã (عليه السلام)? Kung gayon, sinuman ang tatanggi at hindi maniniwala pagkatapos nito ay malilihis sa Matuwid na Landas ng Allâh (ﷻ) at mapupunta sa kamangmangan at pagkaligaw.

109. Inaasam-asam ng karamihan sa mga taong nagtatangan ng mga naunang Kasulatan, na mga Hudyo at mga Kristiyano, na bumalik kayo, O mga mananampalataya, sa di-paniniwala pagkatapos ninyong maniwala, na makabalik kayo sa dati ninyong kinagawian na pagsamba sa mga rebulto. Ang dahilan kung bakit gusto nilang matulad kayo sa mga ito, sapagka't ang kanilang kalooban ay

punung-puno ng kapootan at panibugho nang mapatunayan nilang si Propeta Muhammad (ﷺ) ay totoong Propeta at Sugo ng Allâh ayon sa kanyang dinalang Aklat.

Kaya't hayaan ninyo sila sa kanilang pagkakamali at nagawang kasamaan. Patawarin ninyo sila sa kanilang kamangmangan hanggang sa dumating ang kautusan ng Allâh (ﷻ) hinggil sa kanila upang sila ay kalabanin at patayin (at ito ay nangyari na sa kanila).

At walang pag-aalinlangan, paparusahan sila ng Allâh (ﷻ) sa kanilang mga maling gawain. Katiyakan, magagawa ng Allâh (ﷻ) ang anumang Kanyang nais na gawin at walang sinumang makapipigil sa Kanya.

110. Magpatuloy kayo, O kayong mga mananampalataya, sa pagsasagawa ng '*Salâh*' sa tamang pamamaraan, at sa pagbibigay ng mga obligadong kawanggawa ('*Zakâh*'). At sa bawa't kabutihang inyong gagawin ay para rin lamang sa inyong sariling kapakinabangan. Matatagpuan ninyo ang gantimpala ng Allâh (ﷻ) sa paggawa ninyo nito, roon sa Kabilang-Buhay. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Siya ang Walang-Hanggan at Ganap na Nakakakita sa lahat ng inyong mga ginagawa na walang anuman ang nailililihim sa Kanya at Siya rin ang magkakaloob ng gantimpala nito sa inyo.

111. Inaangkin ng mga Hudyo at mga Kristiyano na ang '*Jannah*' (Hardin isinaling Paraiso) ay para lamang sa kanila at walang sinumang maaaring makapasok (sa '*Al-Jannah*' na ito) kundi sila lamang. Yaon ay kanilang maling pag-aakala. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): '*Magpakita kayo ng inyong katibayan kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan sa inyong pag-aangkin.*'

112. Sapagka't walang pag-aalinlangang mali ang kanilang pag-aakala na ang '*Al-Jannah*' ay para sa mga natatanging grupo at ipinagbabawal sa iba.

Samakatuwid, ang makapapasok lamang sa '*Al-Jannah*' ay ang sinumang nag-'*Muslim*,' na ang ibig sabihin ay ang sinumang isinuko ang kanyang sarili sa Nag-iisang Allâh (ﷻ) na walang katambal, na siya ay dalisay sa kanyang kalooban at maingat sa lahat ng kanyang mga salita at gawa nang alang-alang sa Allâh (ﷻ).

Kung kaya, sinuman ang gumawa nito ay makakamtan niya ang gantimpala mula sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Kabilang-Buhay, na ito ay ang pagpasok sa '*Al-Jannah*,' at doon ay wala silang dapat na ipangamba sa kanilang kahihinatnan, at wala rin silang dapat na ipangamba sa anumang naiwan nila o anumang bagay na hindi nila naranasan dito sa mundo.

113. At sabi ng mga Hudyo: "*Ang mga Kristiyano ay wala ni katiting sa tamang* '*Deen.*'" Ganoon din ang sinasabi ng mga Kristiyano sa mga Hudyo: "*Ang mga Hudyo ay wala ni katiting sa tamang* '*Deen.*'" Gayong sa katotohanan, pareho nilang binabasa ang '*Tawrah*' at '*Injeel*,' at nakasaad doon na nararapat silang maniwala sa lahat ng mga Propeta.



Maging ang mga mangmang mula sa mga paganong Arabo at iba pa ay ganoon din ang sinasabi na: "*Ang bawa't mayroong* '*Deen*' *ay wala ni katiting sa tama.*"

Subali't huhukuman sila ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga hindi nila pinagkasunduan hinggil sa '*Deen*' at matatamo ng sinuman ang kabayaran ayon sa kanyang nagawa.

114. At walang sinuman ang hihigit sa pagiging di-makatarungan kaysa sa mga yaong nagbabawal na luwalhatiin ang mga Pangalan ng Allâh (ﷻ) sa mga '*Masjid* (tahanan ng pagsamba sa Allâh), ipinagbawal ang pagsa-'*Salâh*' at pagbabasa ng Qur'ân mula rito at iba pa; at mas lalong naging matindi ang kanilang pagsusumigasig na wasakin ito, o di kaya'y ipasara ito, o di kaya'y pagbawalan ang mga mananampalataya mula rito. Sila (na mga nagbabawal) ang tunay na masasama na hindi sila maaaring pumasok sa mga '*Masjid*' nang walang pangamba at pagkatakot mula sa parusang maaaring mangyari sa kanila.

Ang para sa mga gumagawa ng mga hindi makatarungan ay pagkahamak dito sa daigdig at masidhing pagpaparusa sa Kabilang-Buhay.

115. Ang Allâh (ﷻ) ay Nagmamay-ari ng sinisikatan ng araw at ang nilulubugan nito, at maging ang nasa pagitan ng dalawang ito, sapagka't Siya ang Nagmamay-ari ng lahat ng mga kalupaan, na samakatuwid, kahit saan man kayo humarap habang kayo ay nagsa-'*Salâh*' bilang kautusan ng Allâh (ﷻ) sa inyo; at walang pag-aalinlangan, na dahil sa kayo ay naghahangad na makaharap ang Mukha ng Allâh (ﷻ), ay hindi pa rin kayo nakalalabas sa Kanyang kaharian at sa pagsunod sa Kanya.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Wâsee***`' – Sapat at Ganap na Tagapagtustos sa lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga nilikha na napakalawak ng Kanyang awa sa Kanyang mga alipin, na Siya ang '`***Aleem***' – Walang-Hanggang Nakaaalam at Ganap na Nakababatid ng lahat ng kanilang mga ginagawa at walang anuman ang maililihim sa Kanya.

116. At sinabi ng mga Hudyo, mga Kristiyano at mga pagano: "*Ang Allâh ay nagkaroon ng bugtong na anak.*" Luwalhati sa Allâh (ﷻ) at Napakadakila Niya laban sa mga maling paratang nila sa Kanya! Siya ang Nagmamay-ari ng lahat ng mga nasa kalangitan at nasa kalupaan, at ang mga ito ay Kanyang mga alipin, at silang lahat ay nagpapasailalim sa Kanyang kagustuhan at gumagalaw ayon sa Kanyang Pangangasiwa.

117. Ang Allâh (ﷻ) ay Siyang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan, na walang pinagkunan ng anumang katulad. At kapag Siya ay nagtakda o nagpasiya ng isang bagay, sinasabi Niya lamang dito, '*kun*' (maging gayon o maganap) '*fa yakun*' (at ito ay kaagad na magaganap).

118. At sinabi ng mga mangmang mula sa mga taong nagtatangan ng mga naunang Kasulatan, na mga Hudyo at mga Kristiyano; at ng iba pa kay Propeta Muhammad (ﷺ) bilang kanilang pagmamatigas: "*Ano kaya kung tuwirang makipag-usap sa amin ang Allâh upang sabihin sa aming ikaw ay Kanyang Sugo o di kaya ay darating sa amin ang isang himala mula sa Allâh na magpapatunay na ikaw ay totoo sa iyong sinasabi.*"

Ang mga ganitong salita ay sinabi na rin ng naunang mga nasyon sa mga Sugong ipinadala sa kanila, bilang pagmamatigas at pagmamataas. Dahil magkahawig ang mga puso ng mga naunang (nasyon)[6] at saka ang sumunod (na nasyon)[7] hinggil sa paglabag at pagkaligaw. Walang pag-aalinlangan, ginawa Naming malinaw ang mga palatandaan para sa mga taong naniniwala nang may katiyakan.

119. Ipinadala ka Namin, O Muhammad (ﷺ), na kasama ang '*Deen*' ng katotohanan, na pinatunayan ito sa pamamagitan ng mga katibayan at ng mga himala. Kung kaya, ipamalita mo sa mga tao, na ang sinumang maniwala sa iyong dinala ay mapapasakanila ang kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay. At balaan mo naman yaong mga hindi naniwala hinggil sa kaparusahan na nakaabang sa kanila. Pagkatapos nito ay wala ka nang pananagutan pa sa sinumang lalabag mula sa kanila. Samakatuwid, sila ay mananatili sa Impiyernong-Apoy sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

---

[6]Ang naunang nasyon ay tumutukoy sa mga Hudyo.

[7]Ang sumunod na nasyon pagkatapos nila ay tumutukoy sa mga nag-aangking tagasunod ni `Îsã (Hesus عليه السلام) na nasa labas ng Islâm.



120. At kailanman ay hindi masisiyahan sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang mga Hudyo at mga Kristiyano maliban na lamang kung iiwan (o tatalikuran) mo ang iyong '*Deen*' at sumunod sa kanila. Sabihin mo sa kanila: "*Ang Islâm ang Tunay na* '*Deen*'[8] (*batas o pamamaraan ng pamumuhay*) *mula sa Allâh* (ﷻ)." At kapag ikaw ay sumunod sa kagustuhan nila pagkatapos dumating sa iyo ang Rebelasyon ay wala kang makikita bukod sa Allâh (ﷻ) na tagapagtaguyod ni makatutulong.

121. Yaong mga pinagkalooban Namin ng Aklat na mga Hudyo at mga Kristiyano, at kanilang binabasa yaon sa tamang pamamaraan, at sinusunod nila nang tamang pagsunod, at pinaniniwalaan nila ang anuman na isinasaad sa Aklat na yaon hinggil sa paniniwala sa mga Sugo ng Allâh na kabilang sa kanila ang pinakahuling Sugo na siyang Propeta natin at Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ), at hindi nila binago at hindi nila pinalitan ang anumang nilalaman niyaon, samakatuwid, sila ang nasa katotohanan, ang naniwala kay Propeta Muhammad (ﷺ) at sa Aklat na ipinahayag sa kanya.

At sa mga yaong binago ang ilan sa mga nilalaman ng Aklat at itinago ang iba --- sila ang tumanggi sa Propeta ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ) at sa anuman na ipinahayag sa kanya. Samakatuwid, ang sinumang hindi naniwala hinggil (sa bagay na) ito, sila sa katotohanan ang nasa pinakamatinding pagkatalo sa paningin ng Allâh (ﷻ).

122. O mga angkan ni Isrâ`il! Alalahanin ninyo ang napakarami Kong biyaya sa inyo at kagandahang-loob, na kayo ay ginawa Kong bukod-tangi sa mga nasyon noong kapanahunan ninyo, sa pamamagitan ng pagkakapadala Ko sa inyo ng maraming Propeta at mga Aklat.

[8]Mangyari lamang ay tingnan ang mga kapaliwanagan ng salitang ito sa talatinigan na nasa duluhan ng Aklat na ito.

123. Katakutan ninyo ang nakapangingilabot na Araw ng Paghuhukom, na sa Araw na yaon ay wala nang pakinabang ang isa't isa, hindi tatanggapin ng Allâh (ﷻ) ang anumang ipangtutubos sa mga kasalanan, walang maaaring mamagitan at walang sinuman ang makatutulong.

124. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), nang sinubok ng Allâh (ﷻ) si Ibrâhim (عليه السلام) sa pamamagitan ng mga kautusan at batas. Ito ay kanyang isinagawa sa pinakamagandang kaparaanan, na kung kaya, sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanya: "*Gagawin kitang huwaran sa sangkatauhan na sila ay iyong pamumunuan.*" Sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام): "*O* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Gawin Mo ring mamuno ang ilan sa aking salinlahi bilang kagandahang-loob na nagmumula sa Iyo.*" Sinagot siya ng Allâh (ﷻ): "*Hindi maaaring mamuno sa* '*Deen*' *ang mga hindi makatarungan*."

125. At alalahanin mo rin, O Muhammad (ﷺ), nang ginawa Namin ang Tahanan (ang '*Ka`bah*' sa Makkah) na isang lugar na pupuntahan ng mga tao at pagkatapos ay babalik sila sa kanilang pamilya, pagkatapos ay aasamin nilang muling makabalik doon, magsasama-sama sila tuwing '*Hajj*' at ''*Umrah*' sa pagsasagawa ng '*Tawâf*' at '*Salâh*,' isang lugar na ligtas at hindi nilulusob ng mga kaaway.

At sinabi Namin: "*Gawin ninyo ang* '*Maqâm*' *ni Ibrâhim* (عليه السلام) *bilang lugar ng* '*Salâh*'*-an*, *na ito ay bato na pinagtungtungan ni Ibrâhim habang itinatayo niya ang Ka`bah*." At nagpahayag Kami kay Ibrâhim (عليه السلام) at sa kanyang anak na si Ismâ`il (عليه السلام), na linisin ang Aking Tahanan (ang Tahanan ng pagsamba) sa anumang karumihan at dungis ng maling pagsamba para sa mga nagsasagawa rito ng '*Tawâf*,' '*I`itikâf*'at pagsa-'*Salâh*.'

126. At alalahanin mo rin, O Muhammad (ﷺ), nang sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام) bilang panalangin: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Gawin Mo ang Makkah na mapayapang lunsod at pagkalooban Mo ang mga tao rito ng iba*'*t ibang uri ng kabuhayan at mga bunga*, *na ito ay bukod-tangi lamang na para sa mga naniwala sa Allâh* (ﷻ) *at sa Kabilang-Buhay.*"

Tumugon ang Allâh (ﷻ) at Kanyang sinabi: "*Maging ang sinuman na hindi naniwala ay pagkakalooban Ko rin ng kabuhayan dito sa daigdig at pagkakalooban Ko rin ng pansamantalang kaligayahan. Subali*'*t pagkatapos nito ay sapilitan Ko siyang kakaladkarin tungo sa pagpaparusa sa Impiyernong-Apoy. At ito ang pinakamasamang huling hantungan.*"

127. At alalahanin mo pa rin, O Muhammad (ﷺ), nang itinayo nina Ibrâhim (عليه السلام) at Ismâ`il (عليه السلام) ang mga pundasyon ng Tahanan (ng Pagsamba sa Allâh ﷻ --- ang '*Ka`bah*' sa Makkah), na silang dalawa ay nanalangin na may kasamang pagkatakot at sinabi: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Tanggapin Mo mula sa amin ang paglilingkod na ito*, *dinggin Mo ang aming panalangin sapagka't Ikaw ay* '***As-Samee`***' – *ang Walang-Hanggan at Ganap na Nakakarinig ng mga hinaing ng Iyong mga alipin*, *na* '***Al-`Aleem***' – *ang Walang-Hanggang Nakaaalam at Ganap na Nakababatid ng kanilang mga kalagayan.*"

128. "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Gawin Mo kaming matatag sa Islâm*, *sumusunod sa Iyong batas at gayundin ang aming salinlahi*, *na maging isang nasyon itong susunod sa Iyo sa paniniwala. At ituro Mo sa amin ang mga gawain* (*Manâsik*) *at pamamaraan ng pagsamba sa Iyo at patawarin Mo kami sa aming mga pagkakasala. Sapagka't katotohanan*, *Ikaw ay* '***At-Tawwâb***' – *ang Tagapagtanggap sa sinumang nagsisisi at humihingi ng kapatawaran mula sa Kanyang alipin*, *na* '***Ar-Raheem***' – *ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Iyong mga alipin*."

129. "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Padalhan Mo ang sambayanang ito ng Sugo mula sa angkan ni Ismâ`il na bibigkas sa kanila ng Iyong mga talata*, *at tuturuan sila ng Qur'ân at* '*Sunnah*,' *at linisin* (*Mo*) *sila mula sa* '*Shirk*' *at masamang pag-uugali*, *sapagka't Ikaw ay* '***Al-`Azeez***' – *ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na walang sinuman ang maaaring makatanggi sa nais Mong mangyari at walang anuman ang maaaring makapigil sa Iyong kapangyarihan*, *na* '***Al-Hakeem***' – *ang Walang-Hanggan at Ganap na Maalam sa paglalagay ng mga bagay sa tamang dapat nitong paglagyan.*"

130. At walang sinumang tatanggi sa '*Deen*' ni Ibrâhim (عليه السلام) na '*Islâm*' maliban sa may kakulangan sa pag-iisip na mangmang. Katotohanan, pinili Namin siya

rito sa daigdig bilang Propeta at Sugo, at katotohanang sa Kabilang-Buhay, siya ay kabilang sa mga mababuti na nasa matataas na antas.

131. Ang dahilan kung bakit siya ang napili (Namin), ay dahil sa kanyang mabilisang pagtanggap ng katotohanan, na walang pag-aalinlangan, noong sinabi sa kanya ng Kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha: '***Aslim***' – *mag-Muslim ka* (*na ang ibig sabihin ay* '***isuko mo nang taimtim at ganap ang iyong buong sarili sa kagustuhan ng Allâh***')*!*" Kaagad siyang tumugon at nagsabi: '***As-lam-tu Li-rab-bil `Â-la-meen***' – *Isinuko ko nang taimtim at ganap ang aking buong sarili bilang Muslim sa Allâh na* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang*, *sa Kanyang Kaisahan bilang pagmamahal sa Kanya*."

132. At inutusan ni Ibrâhim (عليه السلام) at ni Ya`qûb (Jacob عليه السلام), ang kanilang mga pamilya, na maging matatag sa Islâm at sinabi nila: "*O aming mga anak! Katiyakan*, *pinili ng Allâh* (ﷻ) *ang* '*Deen*' *na ito para sa inyo. Kaya't huwag kayong lumayo sa* '*Deen*' *na ito sa lahat ng pagkakataon at huwag kayong mamamatay kundi sa Pananampalatayang Islâm lamang bilang mga Muslim – taimtim at ganap na isinusuko ang buong sarili sa kagustuhan ng Allâh.*" Ito ang '*Deen Al-Islâm*' na siyang dala-dala rin ni Propeta Muhammad (ﷺ).

133. Saksi ba kayo nang dumating ang kamatayan kay Ya`qûb (عليه السلام), nang kanyang tinipon ang kanyang mga anak at tinanong sila: "*Sino ang inyong sasambahin kapag namatay na ako?*" Sinabi nila sa kanya: "*Sasambahin namin ang iyong* '*Ilâh*' (*Diyos – ang Allâh* ﷻ), *ang* '*Ilâh*' *ng iyong mga magulang na sina Ibrâhim*, *Ismâ`il*, *at Ishâq*; *ang nag-iisang* '*Ilâh*' *at sa Kanya lamang kami susunod at susuko bilang mga* ***Muslim***."

134. Sila ang mga naunang nasyon. Ang para sa kanila ay kung ano ang kanilang nagawa at ang para naman sa inyo ay kung ano ang inyong nagawa, at hindi kayo mananagot sa anumang kanilang nagawa at hindi (rin) sila mananagot sa anumang inyong nagawa. At ang bawa't isa ay gagantimpalaan batay sa kanyang mga ginawa. Samakatuwid, hindi mananagot ang sinuman sa kasalanan ng iba at hindi makikinabang ang sinuman sa paniniwala at pagiging matatakutin (sa Allâh ﷻ) ng iba.



135. At sinabi ng mga Hudyo sa mga tagasunod (sambayanan) ni Propeta Muhammad (ﷺ): "*Pumasok kayo sa* '*deen*' *ng mga Hudyo sapagka't nandoroon ang patnubay*;" at gayundin ang sinabi ng mga Kristiyano. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang talagang patnubay ay ang pagsunod natin sa* '*Deen*' *ni Ibrâhim* (عليه السلام). *Ito ang Matuwid na Landas at malayo sa anumang kamalian. Kailanman*, *si Ibrâhim* (عليه السلام) *ay hindi naging kabilang sa mga* '*Mushrikîn*,' *hindi siya sumamba ng iba bukod sa Allâh ni naglagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh.*"

136. O kayong mga mananam-palataya! Sabihin ninyo sa mga Hudyo at mga Kristiyano: "*Naniwala kami sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *na Nag-iisa at Bukod-Tangi*, *at sa anumang ipinahayag sa amin na Dakilang Qur'ân*, *na ito ay ipinahayag ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *kay Muhammad* (ﷺ) *na Kanyang Propeta at Sugo*, *at sa anumang ipinahayag kay Ibrâhim* (عليه السلام) *na* '*Suhûf*,' *at sa kanyang dalawang anak na sina Ismâ`il* (عليه السلام) *at Ishâq* (عليه السلام), *at gayundin kay Ya`qûb* (عليه السلام) *at sa mga anak ni Ya`qûb na tinatawag na* '*Al-Asbât*' *– na sila ang mga Propeta na galing sa lahi ni Ya`qûb na nagmula sa labingdalawang angkan ni Isrâ`il. At naniwala rin kami sa anumang ipinagkaloob kay Mousã* (عليه السلام) *na* '*Tawrah*' *at sa ipinagkaloob kay `Îsã* (*Hesus* عليه السلام) *na* '*Injeel*' *at sa lahat ng ipinagkaloob sa mga Propeta bilang Rebelasyon mula sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *na kanilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha. Wala kaming ginawang pagtatangi hinggil sa paniniwala sa sinuman sa kanila at kami ay mga Muslim --- taimtim at ganap na sumusuko sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *bilang pagsunod at pagsamba.*

137. Kapag naniwala ang mga walang pananampalataya mula sa mga Hudyo, mga Kristiyano at iba pa, sa katulad ng inyong pinaniniwalaan mula sa dinala ng Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ), sila ang napatnubayan tungo sa katotohanan, subali't kapag sila ay tumalikod, sinasalungat lamang nila ang kanilang mga sarili sa isa't isa. Samakatuwid, ganap na ganap ang pangangalaga ng Allâh (سبحانه وتعالى) sa iyo, O Muhammad (ﷺ), mula sa kanilang kasamaan. Siya ang tutulong sa iyo laban sa kanila, sapagka't Siya ay '***As-Samee`***' – ang Ganap at Walang-Hanggang Nakakarinig ng lahat ng inyong mga sinasabi, na '***Al-`Aleem***'

– ang Walang-Hanggang Nakaaalam at Ganap na Nakababatid ng lahat ng inyong mga katayuan.

138. Kung gayon, maging matatag kayo, O mga mananampalataya, sa Relihiyon o '*Deen*' ng Allâh (ﷻ) na likas sa inyong katauhan, sapagka't wala nang hihigit pa kaysa sa '*Fitrah*' ng Allâh (ﷻ) na inilagay Niya sa bawa't tao. Kaya't kami ay lubos na nagpapasakop sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod namin sa '*Deen*' ni Ibrâhim (عليه السلام).

139. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga '*Ahlul Kitâb*' --- mga Hudyo at mga Kristiyano: "*Nakikipagtalo ba kayo sa amin hinggil sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at sa taos-pusong pagsamba lamang namin sa Kanya*; *at Siya lamang ang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng* '*Al-`Âlamin*,' *na wala Siyang ginawang pagtatangi sa pagitan ng bawa't isang nasyon at ng iba*; *na samakatuwid*, *ang para sa amin ay ang aming ginawa at ang para sa inyo ay ang inyong ginawa*, *at kami ay taos-pusong sumasamba at sumusunod sa Allâh* (ﷻ) *at hindi kami nagtatambal ng iba sa pagsamba sa Kanya at Siya lamang ang tangi naming sinasamba?*"

140. O sinasabi ba ninyo bilang pagtatalo hinggil sa Allâh (ﷻ): "*Katiyakan*, *sina Ibrâhim* (عليه السلام), *Ismâ`il* (عليه السلام), *Ishâq* (عليه السلام), *Ya`qûb* (عليه السلام) *at ang mga Al-Asbât*; *na ang kanilang* '*Deen*' *ay Judaismo at Kristiyanismo? Ito ay pawang kasinungalingan*, *sapagka't ipinadala sila bilang mga Sugo at namatay sila noon*, *nang hindi pa ipinadala ang* '*Tawrah*' *at* '*Injeel.*'"

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Kayo ba ang nakaaalam hinggil sa kanilang* '*Deen*' *o ang Allâh* (ﷻ) *ang Nakaaalam nito? Dahil nabanggit sa Dakilang Qur'ân na sina* (*Ibrâhim, Ismâ`il, Ishâq, Ya`qûb at ang mga* '*Al-Asbât*') *ay mga dalisay na mga Muslim. Kung kaya*, *wala nang hihigit pa sa inyo sa pagiging hindi makatarungan*, *noong itinago ninyo ang matibay na katibayan na nasa inyo mula sa Allâh* (ﷻ) *at nag-aangkin kayo ng mga bagay na salungat bilang pagsisinungaling sa Allâh* (ﷻ)." Samakatuwid, ang Allâh (ﷻ) ay walang Nakaliligtaan na anuman mula sa inyong mga ginagawa, kundi ito ay batid na batid Niyang lahat at katiyakan na tatanggapin ninyo ang kabayaran mula rito.

141. Sila ang mga naunang nasyon sa inyo. Ang para sa kanila ay kung ano ang kanilang nagawa at ang para naman sa inyo ay kung ano ang inyong nagawa, at hindi kayo mananagot sa anumang kanilang nagawa at hindi (rin) sila mananagot sa anumang inyong nagawa. Sa talatang ito, pinipigilan ang (sinuman na) sumalig sa mga nilikha at hindi nararapat magmayabang sa pag-angkin na siya ay nagmula sa ganito't ganoong angkan, sapagka't ang pinakabatayan ay ang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at bukod-tanging pagsamba sa Kanya at pagsunod sa Kanyang mga Sugo. Kung kaya, ang sinumang hindi naniwala sa sinumang Sugo ng Allâh, ay nangangahulugang nilabag niya ang lahat ng mga Sugo ng Allâh.

142. Sasabihin ng mga mangmang at may kakulangan sa pag-iisip mula sa mga Hudyo at sa mga katulad nila, na may kasamang panlalait, pangungutya at pangmamata: "*Ano baga ang nagtulak sa mga Muslim*, *upang ibaling nila ang kanilang hinaharapang* '*Qiblah*,' *na nakasanayan na nilang harapan sa tuwing sila ay magsasagawa ng* '*Salâh?*'"[9] Dahil sa simula[10] ng Islâm noong kapanahunan ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay sa '*Baytul Maqdis*' sa Falisteen ang kanilang hinaharapang dako (o direksiyon) sa tuwing sila ay magsa-'*Salâh*.'

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang silangan at kanluran at ang nasa pagitan ng mga ito ay Pagmamay-ari ng Allâh* (ﷻ). *Sa katunayan*, *walang anumang sulok sa mundo nang hindi Siya ang Nagmamay-ari. Pinapatnubayan Niya ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin tungo sa Matuwid na Landas.*" Ang pamamahayag na ito ay pagpapatunay na ang lahat ng pangyayari ay nasa pagtatangan ng Allâh (ﷻ) sa pagsasagawa ng Kanyang ipinag-uutos. Samakatuwid, kung saan Niya nais na kayo ay paharapin mula sa inyong kinagawian na '*Qiblah*,' ay doon kayo humarap.

---

[9]Sa simula kasi, ang mga Muslim noong kapanahunan ni Propeta Muhammad (ﷺ), sa tuwing sila ay magsa-'*Salâh*,' nakaharap sila sa direksiyon ('*Qiblah*') tungo sa '*Baytul Maqdis*' (Falisteen). Subali't noong ibinaba ang Rebelasyon hinggil sa direksiyon ng pagharap patungo sa Makkah ay ibinaling nila ang '*Qiblah*' na kanilang hinaharapan patungo sa direksiyon ng Makkah.

[10]Sa tuwing mababago ang Tunay na Katuruan ng mga Propeta at Sugo ay muling itong ibinabalik ng Allâh sa orihinal nitong kaanyuan sa pamamagitan ng pagpapadala ng panibagong Sugo. Kaya itinuring na ***'simula ng Islâm noong kapanahunan ni Propeta Muhammad*,'** dahil kapapahayag pa lamang nito sa kanya at kababago pa lamang na yakapin ito ng kanyang mga tagasunod. Ang Islâm ay palaging nandiriyan sa bawa't henerasyon sapagka't ito ang palaging dalang katuruan ng Propeta o di kaya ay ng Sugo, na nagmula sa Allâh – Qur'ân 3:19; at ito ang Kanyang ipinag-utos sa inyo at sa mga Propeta at Sugo – Qur'ân 42:13; at iisa lamang ang Relihiyon na ito ng mga Propeta – Qur'ân 23:52; at sinabi ng Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ) bilang karagdagang pagpapatibay: "*Ang mga Propeta ay magkakapatid*, *ang kanilang mga ina ay magkakaiba subali't ang kanilang* '*Deen*' (*o Relihiyon*) *ay iisa*." Ang pagkakasalin ng kahulugan, na naitala sa aklat na Sahih Al-Bukhâri, 6/478, bilang 3443.

143. At katulad ng pag-akay Namin sa inyo, O mga Muslim, patungo sa Matuwid at Tamang '*Deen*,' ay ginawa Namin kayong isang matuwid at pinakamabuting sambayanan, nang sa gayon ay maging saksi kayo sa Kabilang-Buhay sa mga naunang sambayanan sa inyo, na naipaabot sa kanila ng kanilang mga Sugo ang mga mensahe mula sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha. At sa Kabilang-Buhay (din), ang Sugo ng Allâh ay siya namang magiging saksi sa inyo, na naiparating niya ang mensahe sa inyo mula sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha. At hindi Namin ginawa ang '*Qiblah*' sa '*Baytul Maqdis*' (Falisteen) na nakasanayan mo na harapan, O Muhammad (ﷺ), at pagkatapos ay ibinaling Namin ang direksiyon nito patungo sa '*Ka`bah*' na nasa Makkah, kundi upang palitawin lamang kung sino ang tunay na susunod at magpapasailalim sa kautusang dala mo, na haharap kasama ka, sa '*Qiblah*' na haharapan mo. At upang lumitaw din kung sino ang mahina ang '*Eemân*' (Pananampalataya), na kung kaya siya ay babaligtad at tatalikuran niya ang kanyang '*Deen*' dahil sa pagdududa at pagiging mapagkunwari.

At katiyakang ang paglipat ng '*Qiblah*' mula sa '*Baytul Maqdis*' (Falisteen) patungo sa '*Ka`bah*' ay magiging mahirap at mabigat para sa mga naligaw, subali't magiging madali naman ito para sa mga pinatnubayan ng Allâh (ﷻ). At hindi binalewala ng Allâh (ﷻ) ang inyong paniniwala sa Kanya at ang inyong pagsunod sa Kanyang Sugo.

At hindi Niya pinawawalang-saysay ang mga nauna ninyong mga '*Salâh*' na iniharap ninyo sa naunang '*Qiblah.*' Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Raouf***' – Punung-Puno ng Kabutihan at Napakalawak ng Kanyang Awa, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Kanyang mga alipin.

144. Katiyakan, Aming nakikita ang pagbaling ng iyong mukha, O Muhammad (ﷺ) sa kalangitan nang paulit-ulit, dahil sa inaabangan mo ang pagbaba ng kapahayagan sa iyo hinggil sa '*Qiblah.*' Walang pag-aalinlangan, ihaharap ka Namin mula sa '*Baytul Maqdis*' tungo sa '*Qiblah*' na kalugud-lugod sa iyo at ito ay sa '*Masjid Al-Harâm*' sa Makkah, kaya't iharap mo ang iyong mukha patungo roon. At kahit saan man kayo naroroon, O kayong mga Muslim, at nais ninyong magsagawa ng '*Salâh*,' ay humarap kayo sa '*Masjid Al-Harâm*.'

At walang pag-aalinlangan na ang mga pinagkalooban ng Allâh (ﷻ) ng kaalaman hinggil sa mga Aklat mula sa mga Hudyo at mga Kristiyano ay batid na batid nila ang hinggil sa paglipat ng '*Qiblah*' patungo sa '*Ka`bah*' (na nasa Makkah). Tunay na ang tungkol sa bagay na ito ay nakatala sa kanilang mga Aklat. At hindi nakaliligtaan ng Allâh (ﷻ) ang ginawa nilang pagsasalungat at pagdududa, na samakatuwid ay tutumbasan ito ng Allâh (ﷻ) sa kanila.

145. At kahit na dalhin mo pa, O Muhammad (ﷺ), sa mga taong nagtatangan ng '*Tawrah*' at '*Injeel*' – mga Hudyo at mga Kristiyano, ang lahat ng katibayan hinggil sa pagharap sa '*Ka`bah*' sa tuwing magsa-'*Salâh*,' na yaon ang

katotohanan mula sa Allâh (ﷻ) ay hindi pa rin sila susunod sa '*Qiblah*' na iyong hinaharapan, dahil sa kanilang paglabag at pagmamataas. At hindi maaari sa iyo na sumunod kang muli sa kanilang '*Qiblah*' at (dapat na mabatid mo na) hindi rin sinusunod ng ilan sa kanila ang '*Qiblah*' ng iba. At (samakatuwid) kapag sinunod mo ang kanilang kagustuhan hinggil sa '*Qiblah*' at iba pa, pagkatapos dumating sa iyo ang kaalamang ikaw ay nasa katotohanan at sila ay nasa kamalian; kung gayon, ikaw ay mapapabilang sa mga '*Dzâlimîn*' – mga hinamak ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang pagiging masama. Ito ay bilang babala sa sinumang susunod sa sarili niyang kagustuhan at lumalabag sa batas ng Islâm.



الَّذِينَ ءَاتَيْنَٰهُمُ ٱلْكِتَٰبَ يَعْرِفُونَهُۥ كَمَا يَعْرِفُونَ أَبْنَآءَهُمْ ۖ وَإِنَّ
فَرِيقًا مِّنْهُمْ لَيَكْتُمُونَ ٱلْحَقَّ وَهُمْ يَعْلَمُونَ ﴿١٤٦﴾ ٱلْحَقُّ مِن
رَّبِّكَ ۖ فَلَا تَكُونَنَّ مِنَ ٱلْمُمْتَرِينَ ﴿١٤٧﴾ وَلِكُلٍّ وِجْهَةٌ هُوَ مُوَلِّيهَا ۖ
فَٱسْتَبِقُوا۟ ٱلْخَيْرَٰتِ ۚ أَيْنَ مَا تَكُونُوا۟ يَأْتِ بِكُمُ ٱللَّهُ جَمِيعًا ۚ
إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٤٨﴾ وَمِنْ حَيْثُ خَرَجْتَ فَوَلِّ
وَجْهَكَ شَطْرَ ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ ۖ وَإِنَّهُۥ لَلْحَقُّ مِن رَّبِّكَ ۗ وَمَا
ٱللَّهُ بِغَٰفِلٍ عَمَّا تَعْمَلُونَ ﴿١٤٩﴾ وَمِنْ حَيْثُ خَرَجْتَ فَوَلِّ وَجْهَكَ
شَطْرَ ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ ۖ وَحَيْثُ مَا كُنتُمْ فَوَلُّوا۟ وُجُوهَكُمْ
شَطْرَهُۥ لِئَلَّا يَكُونَ لِلنَّاسِ عَلَيْكُمْ حُجَّةٌ إِلَّا ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟
مِنْهُمْ فَلَا تَخْشَوْهُمْ وَٱخْشَوْنِى وَلِأُتِمَّ نِعْمَتِى عَلَيْكُمْ وَلَعَلَّكُمْ
تَهْتَدُونَ ﴿١٥٠﴾ كَمَآ أَرْسَلْنَا فِيكُمْ رَسُولًا مِّنكُمْ
يَتْلُوا۟ عَلَيْكُمْ ءَايَٰتِنَا وَيُزَكِّيكُمْ وَيُعَلِّمُكُمُ ٱلْكِتَٰبَ
وَٱلْحِكْمَةَ وَيُعَلِّمُكُم مَّا لَمْ تَكُونُوا۟ تَعْلَمُونَ ﴿١٥١﴾ فَٱذْكُرُونِىٓ
أَذْكُرْكُمْ وَٱشْكُرُوا۟ لِى وَلَا تَكْفُرُونِ ﴿١٥٢﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ
ءَامَنُوا۟ ٱسْتَعِينُوا۟ بِٱلصَّبْرِ وَٱلصَّلَوٰةِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ مَعَ ٱلصَّٰبِرِينَ ﴿١٥٣﴾

146. Ang mga pinagkalooban Namin ng '*Tawrah*' at '*Injeel*' --- ang mga Paham (o Iskolar) ng mga Hudyo at ang mga Paham ng mga Kristiyano ay kilala si Propeta Muhammad (ﷺ) ayon sa mga katangian niyang nabanggit sa kanilang mga Aklat, na tulad ng pagkakakilala nila sa kani-kanilang mga sariling anak. At katiyakan, ang isang grupo sa kanila ay itinago ang katotohanan, kahit na alam pa nila ang katibayan at katunayan ng kanyang mga katangian.

147. Ang ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ay katotohanan na nagmula sa Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na kung kaya, huwag na huwag kang pabibilang sa mga nag-aalinlangan.

148. At sa bawa't sambayanan ay mayroon silang '*Qiblah*' na hinaharapan sa tuwing sila ay magsa-'*Salâh*.' Kaya madaliin ninyo, O mga mananampalataya, magsipag-unahan kayo sa pagsasagawa ng mga mababuting gawa na ipinag-utos sa inyo ng '*Deen Al-Islâm*,' at walang pag-aalinlangan, titipunin kayong lahat ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay mula sa inyong kinaroroonan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), Siya ang '***Qadeer***' – Walang-Hanggan at Ganap na Makapangyarihan na May Kakayahang gawin ang lahat ng bagay.

149. At kahit saan ka man magsimula para sa iyong paglalakbay, O Muhammad (ﷺ), at nais mong isagawa ang pagsa-'*Salâh*,' iharap mo kung gayon ang iyong mukha sa '*Masjid Al-Harâm*.' At katiyakan, ang pagharap mo roon ay siyang katotohanan mula sa Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha.

At hindi nakaliligtaan ng Allâh (ﷻ) ang inyong ginagawa at gagantihan Niya kayo batay sa anuman na inyong mga ginawa.

150. At kahit saan ka man magsimula, O Muhammad (ﷺ), ay humarap ka sa '*Masjid Al-Harâm*;' at gayundin kayong mga Muslim, kahit saan man kayo naroroon na sulok ng daigdig, ay iharap ninyo ang inyong mga mukha sa '*Masjid Al-Harâm*' sa inyong pagsa-'*Salâh*,' nang sa gayon ay hindi magkakaroon

ng katwiran ang mga taong lumalabag kapag sila ay nakipagtalo sa inyo pagkatapos ninyong humarap doon. Maliban lamang sa mga masasama at tumanggi mula sa kanila, mananatili pa rin sila sa pakikipagtalo sa inyo subali't huwag kayong matakot sa kanila.

Ako lamang ang dapat ninyong katakutan sa pamamagitan ng pagsunod sa Aking mga ipinag-uutos, pag-iwas sa Aking mga ipinagbabawal; at nang sa gayon ay mabuo Ko ang Aking mga biyaya at kagandahang-loob sa inyo sa pagpili ng ganap na batas at nang kayo ay mapatnubayan tungo sa katotohanan.

151. Katulad ng pagbibigay Namin ng biyaya sa inyo sa pamamagitan ng pagharap ninyo sa '*Ka`bah*,' nagpadala kami ng Sugo mula sa inyo upang bigkasin ang mga malinaw na Salita, na isinasaad ang pagkakaiba ng katotohanan mula sa kamalian. At upang linisin din kayo mula sa dungis ng pagtatambal at masasamang pag-uugali; at ituro sa inyo ang Qur'ân, ang '*Sunnah*' at mga alituntunin ng batas.

Gayundin ang mga kuwento tungkol sa mga Propeta at sa mga naunang mga tao na wala kayong kaalaman hinggil sa mga ito.

152. Kaya't alalahanin ninyo Ako sa pamamagitan ng pagsunod at pagsamba sa Akin, nang sa gayon ay aalalahanin Ko (rin) kayo sa pamamagitan ng pagpapatawad at labis na pagmamahal. Ako lamang ang dapat ninyong pasalamatan sa salita at gawa. Huwag ninyong ipagsasawalang-bahala ang Aking mga biyaya sa inyo.

153. O kayong mga naniwala! Humingi kayo ng tulong mula sa Allâh (ﷻ) sa lahat ng inyong mga pangangailangan sa pamamagitan ng pagtitiis sa mga nangyayaring sakuna sa inyo, sa mga pagsubok na inyong mga nararanasan, at pag-iwas sa mga kasamaan at sa mga kasalanan; at pagtitiis habang gumagawa ng mga ipinag-uutos at mga kabutihan; at pagsa-'*Salâh*' bilang kapanatagan ng kalooban; at pagbabawal sa lahat ng mga imoral na gawain na tulad ng pakikiapid at iba pang kasamaan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay kasama ng mga matiisin sa pamamagitan ng Kanyang tulong at gabay.

Sa talatang ito, isinasaad na ang pagiging bukod-tanging pakikisama ng Allâh (ﷻ) ay para lamang sa mga mananampalataya na katulad ng naipaliwanag. Magkagayunpaman, ang pangkalahatang pakikisama ng Allâh (ﷻ) ay nangangahulugan ng Kanyang malawak at walang hangganang kaalaman at pagmamatyag sa Kanyang mga nilikha.



154. At huwag ninyong sabihin, O mga mananampalataya, na yaong mga namatay sa '*Jihâd*,' pakikipag-punyagi sa Daan ng Allâh, na "*Sila ay mga patay*." Hindi sila mga patay, bagkus sila'y mga buhay, nguni't ito'y hindi ninyo nararamdaman. Namumukod-tangi ang kanilang pagiging buhay sa kanilang mga libingan, na walang sinuman ang Nakaaalam nito kundi ang Allâh (ﷻ) lamang. Ito ang katibayan na mayroong magandang buhay sa libingan.

155. At sinusubukan Namin kayo sa mga pangkaraniwang bagay na tulad ng pagkatakot sa inyong mga kalaban, kagutuman o kakulangan sa pagkakamit ng yaman --- na bagama't hirap na hirap na'y hindi pa sapat ang nakakamit o di kaya'y pagkawala nito, pagkasawi ng mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng pangkaraniwan na kamatayan o di kaya'y pagka-'*Shaheed*' ng isa sa Daan ng Allâh; at kakulangan sa inaaning mga bungang-kahoy (na tulad ng '*thamr*' o datiles), mga prutas, at sa inaaning mga butil (na tulad ng mga mais, ginagapas na palay at iba pa) o di kaya'y pagkasira ng mga ito. Subali't ibigay mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), ang magandang balita sa mga nagtataglay ng katangiang pagtitiis, na nakakayanan nila ang mga nabanggit at iba pang mga pagsubok. Ibigay mo sa kanila ang balitang magpapagalak sa kanila hinggil sa kanilang magandang kahihinatnan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

156. Kabilang sa mga katangian ng mga yaong matiisin, ay kapag dumating sa kanila ang mga bagay na hindi nila nagugustuhan, sinasabi nila: "*Kami ay mga aliping pagmamay-ari ng Allâh* (ﷻ), *Siya ang Namamahala sa lahat ng bagay para sa amin*, *ginagawa Niya ang anumang Kanyang nais*, *at katiyakang babalik kami sa Kanya kapag kami ay namatay na*, *at pagkatapos nito ay bubuhayin kaming mag-uli sa Araw ng Muling Pagkabuhay para sa paghuhukom at pagbabayad*."

157. Sila ang mga matiisin, na ang para sa kanila ay papuri at dakilang awa mula sa Kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha. At sila ang mga ginabayan tungo sa Patnubay.

158. Katiyakan, ang '*As-Safa*' at '*Al-Marwah*' – ang dalawang maliit na bundok na malapit sa '*Ka`bah*' sa gawing silangan – ay kabilang sa malinaw na mga palatandaan ng '*Deen*' ng Allâh. Itinuturing na '*Ibâdah*' (pagsamba) sa Allâh (ﷻ) ang paglalakad sa pagitan ng mga ito, kaya't sinuman ang magnais na magsagawa ng '*Hajj*' o di kaya ay '`*Umrah*,' ay hindi magiging kasalanan para sa kanya ang paglalakad sa pagitan nito, bagkus ito ay magiging obligado pa sa kanya, at sinuman ang gumawa ng mga kautusang ito, na bukal sa kanyang kalooban, na ito ay para lamang sa Allâh (ﷻ), dapat niyang mabatid na ito ay tinatangkilik ng Allâh (ﷻ) at ginagantimpalaan Niya ang mabuting gawa nang masagana maging ito man ay kakaunti. Nababatid Niya ang lahat ng gawang mabuti ng Kanyang mga alipin at hindi Niya ito kinaliligtaan at wala Siyang ipinagkakait na kahit na katiting na katiting na bagay.

159. Katiyakan, yaong mga naglilihim ng mga ipinahayag ng Allâh (ﷻ) na mga malinaw na palatandaan, bilang katibayan sa pagiging Propeta ni Propeta Muhammad (ﷺ) at sa kanyang dinalang Aklat --- sila ay yaong mga Pantas (Iskolar) ng mga Hudyo, mga Pantas ng mga Kristiyano at iba pa, na naglihim ng mga ipinahayag ng Allâh (ﷻ), pagkatapos Niya itong ilantad sa mga tao sa pamamagitan ng '*Tawrah*' at '*Injeel*.' Samakatuwid, ilalayo ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang awa sa kanila at isusumpa sila ng lahat ng mga nilikha.

160. Maliban doon sa mga nanumbalik at humingi ng kapatawaran sa Allâh (ﷻ) sa kanilang mga kamalian, at itinuwid nila ang kanilang pagkakamali at isiniwalat nila ang kanilang mga itinago. Na kung kaya, sila ang mga yaong tatanggapin Ko ang kanilang pagsisisi at susuklian Ko sila ng kapatawaran, dahil Ako ay '***At-Tawwâb***' – ang Tagapagtanggap sa sinumang humihingi ng kapatawaran mula sa Aking mga alipin, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila sa pamamagitan ng paggabay Ko sa kanila tungo sa paghingi nila ng kapatawaran at pagtanggap Ko nito sa kanila.

161. Katiyakan, ang mga tumanggi sa paniniwala at inilihim ang katotohanan, at nanatili sila sa ganoong kalagayan hanggang sa sila ay mamatay, isusumpa sila ng Allâh (ﷻ), ng mga anghel at ng lahat ng tao at ipagkakait sa kanila ang awa ng Allâh (ﷻ).

162. Mananatili sila sa sumpa at sa Impiyerno, ang kaparusahan doo'y hindi mapapagaan at hindi sila bibigyan ng pagkakataon upang mangatwiran.

163. Ang inyong '*Ilâh*' (Diyos na sinasamba), O kayong mga tao, ay Nag-iisang '*Ilâh*' – ang Allâh (ﷻ) – sa Kanyang '*Dhãt*' (ang Kanyang pagiging Kaisahan sa Kanyang Sarili ayon sa Kanyang Kamaharlikaan at Kadakilaan), sa Kanyang mga Pangalan, sa Kanyang mga Katangian, at sa Kanyang mga Gawa, at sa pagiging alipin ng lahat ng Kanyang mga nilikha at ang pagsamba nila sa Kanya. Walang sinuman ang bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat na sambahin kundi Siya lamang, namumukod-tanging Mahabagin sa lahat ng Kanyang mga nilikha, sa Kanyang '*Dhãt*' at sa Kanyang mga Gawa, Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa mga mananampalataya.



164. Katiyakan, sa paglikha ng mga kalangitan, at sa pag-aangat at sa pagpapalawak nito; at sa kalupaan kasama ang mga bulubundukin nito, ang mga kapatagan nito, at ang mga karagatan; at sa mga pagbabagu-bago ng gabi at araw, na ang mga ito'y humahaba at umiikli, dumidilim at lumiliwanag, at ang pagsasalit-salitan ng mga ito.

At sa mga sasakyang-pandagat na pinalalayag Niya sa karagatan upang maihatid at madala ang mga pangangailangan ng tao; at sa pagpapababa ng Allâh (ﷻ) mula sa kalangitan ng tubig-ulan, na pagkatapos ay nagbibigay-buhay sa kalupaan at ginagawang luntian ang mga pananim at halamanan, na siya namang nagpapaginhawa sa inyong mga paningin pagkatapos mabigyan ng buhay ang kalupaan sa pagiging tuyot nito; ang pagpapakalat ng Allâh (ﷻ) sa lahat ng mga uri ng gumagapang na mga buhay na bagay sa kalupaan, ang pagbibigay Niya ng biyaya sa inyo sa pamamagitan ng Kanyang Pangangasiwa sa mga hangin kung saan ito pipihit (o tutungo) na dako, at sa mga ulap na gumagalaw sa pagitan ng kalangitan at kalupaan; katiyakan, ang mga bagay na ito ay malalaking palatandaan ng Kaisahan ng Allâh (ﷻ), mga masasaganang biyaya at kagandahang-loob para sa mga taong may pang-unawa at nakaiintindi ng anumang katibayan hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), na Siya lamang ang bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat na sambahin.

165. Gayunpaman, kahit ganito na katibay ang mga palatandaan, mayroon pa ring grupo ng mga taong nagsasagawa ng pagsamba sa iba bukod sa Allâh, na tulad ng mga inanyuang rebulto at iba't ibang sinasamba bukod sa Allâh. Ito ay kanilang itinatambal sa Allâh (ﷻ), minamahal, iginagalang at sinusunod nila; gayong ang mga ganitong pagtangi ay hindi karapat-dapat kundi sa Allâh (ﷻ) lamang. Nguni't ang mga mananampalataya ay mas higit ang ginawang pagmamahal sa Allâh (ﷻ) kaysa sa ginawang pagmamahal ng mga walang pananampalataya sa kanilang mga diyus-diyusan. Ito'y sa kadahilanang ang mga mananampalataya ay itinutuon nila ang taimtim na kabuuang pagmamahal sa Allâh (ﷻ); samantalang sila --- ang mga walang pananampalataya ay tinatambalan sa pagmamahal ang Allâh (ﷻ).

At kung batid lamang ng mga taong ito, na dinadaya lamang nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng paglalagay nila ng katambal sa pagsamba sa Allâh, habang sila ay naririto at nabubuhay sa daigdig. Kung makikita lamang nila, sa oras na ihaharap na sa kanila ang kaparusahan sa Kabilang-Buhay, mapatutunayan nila, na ang Allâh (ﷻ) lamang ang bukod-tanging Makapangyarihan sa lahat at matindi ang Kanyang parusa; (kung makikita lamang nila ito) ay hindi sila maglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh --- hindi sila gagawa ng mga diyus-diyusang sasambahin nila bilang katambal ng Allâh (ﷻ) at hindi nila gagawing tagapamagitan ang mga ito para mapalapit sa Kanya.

166. Sa oras na makita nila ang kaparusahan sa Kabilang-Buhay, ipagkakaila ng mga taong sinunod nila sa maling gawa, ang sinumang sumunod sa kanila sa pagsasagawa ng '*Shirk*.'[11] At mapuputol ang lahat ng uri ng ugnayang nangyari rito sa mundo, katulad ng relasyon sa pagiging magkamag-anak, sa pagsunod at sa '*Deen*' at iba pa.

167. At sinabi ng mga sumunod sa kanila: "*Kung mabibigyan lang sana kami ng pagkakataong makabalik sa daigdig*, *upang maitatwa namin ang mga taong aming sinunod at namuno sa amin*; *na tulad ng ginawa nilang pagtatatwa sa amin sa ngayon*." At katulad ng gagawing pagpapakita ng Allâh (ﷻ) sa kanila ng masidhing kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ay ipapakita rin ng Allâh (ﷻ) ang kanilang maling nagawa upang lalo silang manghinayang, sapagka't hindi na sila makalalabas pa sa Impiyernong-Apoy magpakailanman.

168. O sangkatauhan! Kumain kayo mula sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ), na ipinahintulot sa inyo rito sa kalupaan --- lahat ng malilinis, mabubuti at kapaki-pakinabang at hindi nakapipinsala. At huwag ninyong sundin ang mga daan ni '*Shaytân*' (Satanas) sa kanyang sariling pagpapahintulot at sa kanyang sariling pagbabawal, at sa pagsasagawa ng mga *bid`ah* (o pagbabago sa katuruan) at mga kasalanan. Huwag ninyo siyang sundin sapagka't siya ang malinaw at lantaran ninyong kaaway.

169. Ang ipinag-uutos lamang ni '*Shaytân*' sa inyo ay ang lahat ng uri ng mga kasalanang makasisira sa inyo, mga karumal-dumal na mga gawain at mga imoral, nang sa gayon ay makapagsalita kayo ng kasinungalingan laban sa Allâh (ﷻ). Gagawin ninyong '*Harâm*' (bawal) ang '*Halâl*' (ipinahintulot) at iba pa; gayong wala naman kayong kaalaman hinggil sa mga bagay na ito.

[11]Ang ibig sabihin nito, yaong nag-utos sa kanila na sumamba sa iba bukod sa Allâh ay itatanggi nila ito, sasabihin nila na hindi namin sila inutusan na sumamba sa iba.



170. At kapag sinabi ng mga naniwala sa mga naligaw ng landas bilang pagpapayo na: "*Sumunod kayo sa ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *na Qur'ân at patnubay*," magpupumilit pa rin sila na gayahin ang mga nauna sa kanila na mga '*Mushrikin*.' Sinasabi nila: "*Hindi kami susunod sa inyong* '*Deen*,' *bagkus ang susundin namin ay kung ano ang nakagisnan naming ginagawa ng aming mga ninuno.*" Kahit pa ang kanilang mga ninuno ay mangmang hinggil sa kaalaman tungkol sa Allâh (ﷻ) at hindi nakaiintindi ng patnubay, ay susundin pa rin ba nila?

171. At ang halimbawa ng mga di-naniwala at ang mga nananawagan upang hikayatin ang mga walang pananampalataya tungo sa patnubay at paniniwala, ay katulad ng nag-aalaga ng hayop na sumisigaw upang pigilin ang kanyang mga inaalagaang hayop, subali't hindi naiintindihan ng mga hayop ang kanyang sinasabi at ang pawang naririnig ng mga ito ay ang kanyang sigaw at tunog lamang ng kanyang salita. Ganito samakatuwid, ang katulad ng mga tumanggi at naghimagsik. Sila ay hindi nakaririnig, tinatakpan nila ang kanilang mga tainga sa katotohanan; mga pipi, pinipigilan nila ang kanilang mga bibig na bigkasin ang mga salita; mga bulag na hindi nakikita ng kanilang mga mata ang mga malilinaw na mga palatandaan, at hindi nila ginagamit ang kanilang mga kaisipan sa mga nakababuti sa kanila.

172. O kayong mga naniwala! Kumain kayo mula sa mga ipinahintulot ('*Halâl*') na masasarap na pagkaing ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa inyo. Huwag kayong tumulad sa mga taong tumanggi sa katotohanan, na ipinagbabawal (ang kumain ng) malilinis at pinahihintulutan (ang pagkain) ng mga marurumi, at magpasalamat kayo sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga dakilang biyaya at kagandahang-loob na ibinigay sa inyo, sa pamamagitan ng inyong kalooban, mga bibig at buong katawan; kung kayo nga ay talagang tunay na nagpapasakop sa Kanyang kagustuhan, nakikinig at sumusunod sa Kanya, at kung talagang sinasamba ninyo Siya na bukod- tangi at walang itinatambal sa Kanya.

173. Ang mga ipinagbabawal lamang ng Allâh (ﷻ) sa inyo ay ang lahat ng mga nakapipinsala na katulad ng: '*Al-Maytah*' – ang hindi nakatay sa pamamaraan na

ipinag-utos ng Islâm, dugo, mga karne ng baboy at ang lahat ng kinatay bilang pag-aalay sa iba bukod sa Allâh. Gayunpaman, dahil sa labis na pagmamahal ng Allâh (ﷻ) sa inyo at bilang pagpapagaan na rin, ay ipinahintulot Niya ang mga bagay na ito sa oras ng matinding pangangailangan.[12] Samakatuwid, kung sinuman ang napilitang gawin ito dahil sa matinding pangangailangan, ay maaari siyang kumain mula roon (sa ipinagbabawal na yaon), kaya nga lamang ay hindi niya hihigitan ang naaayon sa kanyang pangangailangan at hindi niya lalampasan ang hangganan ng Allâh (ﷻ) na ipinahintulot sa kanya, nang sa gayon ay hindi siya magkasala. Katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal.

174. Katiyakan, yaong mga inililihim nila kung ano ang ipinahayag ng Allâh (ﷻ) na nasa Kanyang mga Aklat hinggil sa katangian ni Propeta Muhammad (ﷺ) at iba pang katotohanan, at nagsusumigasig na ipagbili nila ito bilang kapalit sa napakaliit na halaga ng makamundong bagay sa pamamagitan ng paglihim nito --- wala silang kinakain at ikinabubuhay kundi panay '*Harâm*' (bawal), na magiging sanhi ng pagkakabulid nila sa Impiyernong-Apoy at hindi makikipag-usap sa kanila ang Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay dahil sa Kanyang poot at pagkamuhi sa kanila, at hindi sila lilinisin ng Allâh (ﷻ) mula sa dungis ng kanilang pagkakasala at pagtanggi, ang para sa kanila ay masidhing kaparusahan.

175. Sila na mga nagtangan ng ganitong pag-uugali --- ipinagpalit nila ang Patnubay sa pagkaligaw at ang Kapatawaran sa kaparusahan ng Allâh. Napakalakas ng kanilang loob na harapin ang Impiyerno sa pamamagitan ng kanilang masasamang gawa. Namamangha ang Allâh (ﷻ) sa katapangan ng kanilang paglabag. Di ba kayong mga tao ay nararapat ding magulat sa kanilang katapangan at sa matinding kaparusahang kanilang iindahin sa Impiyerno? Kaya't ito ang mga salita ng Allâh (ﷻ) bilang pag-aalipusta at paghamak sa kanila.

176. Ang kaparusahang yaon ang naging karapat-dapat sa kanila, dahil nang nagpadala ang Allâh (ﷻ) ng mga Aklat para sa Kanyang mga Sugo, na nagsasaad ng malinaw na katotohanan, ay tumanggi pa rin sila pagkatapos nito. At katiyakan, yaong mga hindi nagkasundo hinggil sa Aklat, na ang ibang bahagi ay pinaniwalaan nila at ang ibang bahagi naman ay tinanggihan nila, ay nasa matinding pagtatalo sa isa't isa at di-pagkakasundo na malayo mula sa patnubay at katotohanan.

---

[12]Ang tinutukoy dito na matinding pangangailangan ay kapag ang isang tao ay nasa isang lugar o disyerto (hal.), at pagkatapos ay walang pagkain maliban sa mga ito at mamamatay siya kapag hindi siya nakakain; samakatuwid, sa ganitong kalagayan, ipinahihintulot sa kanya (pansamantala) ang kumain ng mga ito, magkagayunpaman ang layunin ay hindi para mabusog kundi upang makaligtas lamang sa kamatayan, na hindi niya lalampasan ang hangganang ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) sa kanya. Ito ang isa sa mga halimbawa ng ibig sabihin ng '*kapag ang isang tao ay napaharap sa isang matinding kalagayan o pangangailangan.*'



177. Hindi kabutihan sa paningin ng Allâh (ﷻ) ang ilingon ang inyong mga mukha sa silangan o sa kanluran sa tuwing magsa-‘*Salâh*,’ kung hindi lamang ito mula sa Kautusan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang batas. Subali’t ang tunay na kabutihan ay ang gawain ng sinumang naniwala sa Allâh (ﷻ) – na Siya lamang ang nararapat na sinasamba, bukod-tangi at walang katambal; at naniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay at Araw ng Paghuhukom, at naniwala sa lahat ng mga anghel, at sa lahat ng mga ipinahayag na mga Aklat, at sa lahat ng mga Propeta at Sugo nang walang pagtatangi, at nagbibigay ng kawanggawa kahit na ito ay labis pa niyang minamahal – sa mga kamag-anak at sa mga ulilang nanga-ngailangan, na sila ay ang mga yaong namatayan ng magulang bago dumating sa kanila ang hustong gulang; at sa mga mahihirap na naghihikahos, at sa mga manlalakbay na nangangailangan ng panggastos dahil sa nalayo sila sa kanilang pamilya at kayamanan, at sa mga namamalimos na napilitang gumawa ng ganitong bagay dahil sa tindi ng pangangailangan, at paggasta sa pagpapalaya ng alipin at mga bihag; at taimtim na nagsasagawa ng ‘*Salâh*,’ at nagbibigay ng obligadong kawanggawa (‘*Zakâh*’), at yaong mga tumutupad sa kanilang pangako, at nagtitiis dahil sa kahirapan, karamdaman at gayundin sa mga matitinding labanan (sa Daan ng Allâh).

Ang mga nagtatangan ng ganitong katangian o pag-uugali, sila ang matatapat sa kanilang paniniwala at sila ang natatakot sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ), na kung kaya, iniiwasan nila ang mga pagkakasala.

178. O kayong mga naniwala sa Allâh (ﷻ), sa Kanyang Sugo at gumawa ng anumang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ)! Iniatas ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang ‘*Al-Qisâs*’ (ang paglapat ng sapat na kaparusahan sa pumatay nang sadya) sa kondisyong ito ay magkakaparehas: ang malayang tao para sa kapuwa niya malaya, ang alipin para sa alipin, ang kababaihan para sa kababaihan. Nguni’t sinuman ang nakapatay at pagkatapos ay pinatawad ng namatayan at hindi na nila hiningi ang paghihiganti, at naging sapat na sa kanila ang pagkuha ng ‘*Diyah*’ – na ito ay kaukulang halaga na ibibigay ng nakagawa ng krimen bilang kapalit ng pagpapatawad sa kanya, – ang magkabilang panig ay nararapat na manatili sa

maayos at mabuting pag-uugali: sisingilin ng namatayan ang '*Diyah*' nang walang pagmamalupit at pagmamalabis, na nararapat naman sa nakapatay na magbayad sa maayos at magandang pamamaraan, at hindi niya ito aantalahin ni babawasan.

Ang pagpapatawad at pagtanggap ng '*Diyah*' ay isang pagpapagaan at habag para sa inyo ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, dahil sa kapakinabangan nito at hindi na paggawad ng karampatang kaparusahan. Kung kaya, sinuman ang pumatay sa nakapatay, matapos siyang mapatawad at matanggap ang '*Diyah*' mula sa kanya, ang gagawa nito ay papatawan ng kaparusahang kamatayan dito sa daigdig o di kaya ay ipalalasap sa kanya sa Kabilang-Buhay ang matinding pagpapahirap sa Impiyernong-Apoy.

179. At ang makakamit ninyo sa pagpapatupad ng '*Al-Qisâs*' ay mapayapang pamumuhay, O kayong nagtatangan ng matinong pag-iisip na naghahangad ng pagkatakot sa Allâh (ﷻ) at patuloy na pagsunod sa Kanyang kautusan.

180. Ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa inyo, na kapag may palatandaan na malapit nang mamatay ang isa sa inyo at mayroon siyang maiiwang mga kayamanan, marapat na mag-iwan siya ng Testamento o Huling Habilin, sa bahagi ng kanyang kayamanan para sa kanyang magulang at sa kanyang mga kamag-anak, nang sa gayon ay mapanatili ang katarungan; (sa habiling ito) hindi nararapat na kaligtaan niya ang mahihirap at ang mga maykaya sa buhay lamang ang kanyang hahabilinan. At ang paghahabiling ito ay hindi hihigit sa ikatlong bahagi ng kanyang buong kayamanan na maiiwan, samakatuwid, yaon ang nananatiling karapatan na ipinatutupad ng mga '*Al-Muttaqûn*' – may takot sa Allâh.

Ito ang batas na itinalaga ng Allâh (ﷻ) bago ipinahayag ang mga talata ng Qur'ân patungkol sa paghahati-hati ng kayamanan bilang karapatan ng bawa't tagapagmana.

181. At sinuman ang bumago sa Habilin ng namatay pagkatapos itong marinig sa kanya bago siya namatay, ang kasalanan ay (mapupunta) sa yaong gumawa ng mga pagbabago nito. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee***`' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakakarinig ng inyong habilin at ng inyong mga sinasabi, na '`***Aleem***' – Walang-Hanggang Nakaaalam at Ganap na Nakababatid kung ano ang kinikimkim ng inyong mga puso, na kung nais ba ninyong ipatupad ang katotohanan o gusto ba ninyo itong labagin o dayain, magkagayunpaman, ito ay inyong pagbabayaran.



182. At sinuman ang nakaaalam, na ang habilin ay wala sa tamang kaparaanan, sinadya man ito o hindi, at pagkatapos ay pinag-ayos niya ang lahat ng mga tagapagmana at binago niya ang habilin upang ito ay sumang-ayon sa batas, hindi siya itituring na nagkasala, dahil sa ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal.

183. O kayong mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang Sugo at tumupad sa Kanyang batas! Ang pag-aayuno ay ipinag-utos Niya sa inyo, na tulad ng Kanyang pagkakautos sa mga nauna sa inyo, nang sa gayon ay magkaroon kayo ng takot sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, maglagay kayo ng harang sa pagitan ninyo at ng pagkakasala sa pamamagitan ng pagsunod at bukod-tanging pagsamba lamang sa Allâh (ﷻ).

184. Ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang pag-aayuno sa mga bilang na araw. Ito ay sa mga araw sa buwan ng Ramadhan. Gayunpaman, kung sinuman sa inyo ang maysakit at mahihirapan siyang mag-ayuno o di kaya siya ay isang manlalakbay ay maaari niyang itigil muna pansamantala ang kanyang pag-aayuno, nguni't ito ay nararapat niyang palitan sa ibang araw, na kung gaano karami ang hindi niya naisagawang pag-aayuno (sa buwan ng Ramadhan) ay ganoon din ang kanyang ipapalit.

At para naman sa mga mahihirapang mag-ayuno, na dahil sa hirap na mararanasan nila ay baka hindi nila makayanan ito, na tulad ng mga matatanda na o mga maysakit na wala nang pag-asa pang gumaling, ang kailangan lamang nila ay ang magbigay ng '*fidyah*' araw-araw --- isang hapunan sa isang araw, na ito ay pagpapakain ng '*Miskin*' (mahirap na tao), subali't kung lalampasan o hihigitan niya ang '*fidyah*' na itinakda at nagpakain siya nang higit pa kaysa rito at ito ay kusang-loob, ay mas makababuti ito para sa kanya, at kung matitiis naman ninyo ang kahirapan ay mas makababuti ang pag-aayuno para sa inyo kaysa sa

pagbibigay ninyo ng '*fidyah*,' kung batid lamang ninyo ang napakagandang idinudulot ng pag-aayuno at gantimpala nito mula sa Allâh (ﷻ).

185. Sa buwan ng Ramadhan, sinimulan ng Allâh (ﷻ) ang paghahayag ng Dakilang Qur'ân sa '*Laylatul Qadr*' (isinalin na Gabi ng Dakilang Karangalan) bilang patnubay sa mga tao tungo sa katotohanan, inilahad sa gabing yaon (ng '*Laylatul Qadr*') ang malinaw na mga palatandaan hinggil sa patnubay ng Allâh (ﷻ), at ang mga pamantayan sa pagitan ng katotohanan at kamalian. Kung kaya, sinuman sa inyo ang inabot ng buwan ng Ramadhan, na nasa malusog na kalagayan at nakatigil lang siya sa kanyang bayan, nararapat sa kanya na mag-ayuno sa mga araw na ito. Magkagayunpaman, pinahihintulutan sa mga maysakit at manlalakbay na kumain at hindi mag-ayuno, nguni't pagkatapos ay babayaran na lamang nila ang mga bilang ng araw na kanilang itinigil (o hindi ipinag-ayuno).

Hangad ng Allâh (ﷻ) na maging madali para sa inyo ang Kanyang batas. Hindi Niya nais na kayo ay pahirapan, kundi ang nais (lamang) Niya ay mabuo ninyo ang buwan ng pag-aayuno ng isang buwan at pagkatapos ay magtapos kayo sa pamamagitan ng pagbibigkas ng '*Takbir*' – pagsasabi ng '*Allâhu Akbar*' (ang Allâh ay Pinakadakila) sa araw ng '`*Eid*' (Pagdiriwang), at Siya ay inyong dakilain dahil sa Kanyang patnubay sa inyo, at tumanaw kayo ng utang na loob sa Kanya sa lahat ng mga biyaya at kagandahang-loob na ipinagkaloob sa inyo, bilang gabay at pagpapagaan ng mga bagay para sa inyo.

186. Kapag tinanong ka, O Muhammad (ﷺ), ng Aking mga alipin hinggil sa Akin, sabihin mo sa kanila: "*Ako ay malapit sa kanila* (*sa pamamagitan ng ganap na kaalaman*), *dinirinig Ko ang panalangin ng sinumang nananalangin* (*nang hindi gumagamit ng tagapamagitan*) *kapag siya ay nananalangin sa Akin*, *kung kaya sundin nila Ako sa lahat ng Aking mga ipinag-uutos at iwasan ang Aking mga ipinagbabawal*, *at maniwala sila sa Akin*, *nang sa gayon ay magabayan Ko sila tungo sa mabubuting bagay sa kanilang* '*Deen*' *at sa makamundong buhay*."

Sa talatang ito, isinasaad ng Allâh (ﷻ) ang pagiging malapit sa Kanya ng Kanyang mga alipin, na ito ay ayon sa Kanyang Kamaharlikaan.



187. Sa gabi ng Ramadhan, ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang makipagtalik sa inyong mga asawa, sila ay bilang pantakip at pangangalaga sa inyo at ganoon din kayo sa kanila bilang pantakip at pangangalaga sa kanila.

Batid ng Allâh (ﷻ) na noon ay dinaraya ninyo ang inyong mga sarili, sa pamamagitan ng pagsasagawa sa ipinagbawal ng Allâh (ﷻ) sa inyo – ang pakikipagtalik sa inyong mga asawa sa gabi ng pag-aayuno,[13] – noong sila ay bago pang Muslim – subali't pinatawad kayo ng Allâh (ﷻ) at pinaluwag Niya sa inyo ang mga bagay. Kung kaya, maaari na kayong makipagtalik sa kanila at hilingin ninyo ang anumang itinakda ng Allâh (ﷻ) sa inyo na pagkakaroon ng mga anak, at kumain at uminom kayo hanggang hindi pa lumilitaw ang liwanag ng '*Fajr*' (madaling-araw) na makikita sa kalawakan na naghihiwalay sa dilim ng gabi, pagkatapos ay buuin ninyo ang inyong pag-aayuno sa araw at itigil ninyo ito kapag pumasok na ang gabi sa pamamagitan ng paglubog ng araw.

Subali't kapag kayo ay nasa kalagayan ng '*I`itikâf*' – na ito ay ang pagtigil o pananatili sa loob ng '*Masjid*' nang ilang takdang panahon na ang layunin ay para mapalapit sa Allâh (ﷻ), – huwag kayong makikipagtalik sa inyong mga asawa dahil sa ito ay nakasisira sa '*I`itikâf*.' Ito ang mga alituntuning ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa inyo bilang Kanyang hangganang itinakda at batayan sa pagitan ng mga ipinahihintulot at ipinagbabawal. Kaya't huwag ninyong lapitan ang hangganang ito, nang sa gayon ay hindi kayo makagawa ng mga ipinagbabawal. Dahil sa ganitong malinaw na kapahayagan, ipinahayag ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang mga talata at batas para sa mga tao upang sila ay magkaroon ng takot sa Kanya.

[13]Bawal ang makipagtalik sa asawa noon sa gabi ng buwan ng Ramadhan, subali't ito ay nilalabag nila noong bago pa sila sa Islâm. Magkagayunpaman ay pinatawad sila ng Allâh (ﷻ) at pinagaan sa kanila ang mga bagay na ito, na kung kaya, ipinahintulot ito ng Allâh (ﷻ) [sa gabi ng pag-aayuno].

188. At huwag kainin at angkinin ng ilan sa inyo ang kayamanan ng iba sa pamamagitan ng maling pamamaraan, na katulad ng panunumpa ng kasinungalingan, pangangamkam, pagnanakaw, pagsusuhol at pagpapataw ng patubo at iba pang mga katulad nito, at huwag kayong magbigay ng suhol sa mga hukom para makapagsakdal, nang sa gayon ay maangkin ninyo ang kayamanan ng tao sa pamamagitan ng panlalamang at hindi makatarungang pamamaraan, sapagka't batid ninyo kung gaano ito ipinagbabawal.

189. Tinatanong ka ng iyong mga tagasunod, O Muhammad (ﷺ) hinggil sa '*Al-Ahillah*' – mga bagong buwan ('*new moons*'), kung paano ito nababago, sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ginawa ng Allâh* (ﷻ) *ang mga buwang ito bilang mga palatandaan*, *nang sa gayon ay maging malinaw sa mga tao ang mga nakatakdang panahon para sa kanilang pagsamba na katulad ng pag-aayuno*, *pagsasagawa ng* '*Hajj*' *at sa kanilang mga transaksiyon*."

At hindi naging mabuti ang nakaugalian ninyo noong panahon ng kamangmangan at sa simula ng pagiging Muslim ninyo. Ang ginagawa ninyong pagpasok sa likuran ng inyong mga tahanan kapag kayo ay nakasuot ng '*Ihrâm*' para sa pagsasagawa ng '*Hajj*' o di kaya ay ''*Umrah*,' inaakala ninyong ganito ang paraan upang kayo ay mapalapit sa Allâh (ﷻ), subali't ang tunay na kabutihan ay sa pamamagitan ng pagiging matatakutin sa Allâh (ﷻ) at pag-iwas sa mga kasalanan, na kung kaya, kapag kayo ay nagsuot ng '*Ihrâm*' upang isagawa ang '*Hajj*' o di kaya ay ''*Umrah*,' pumasok kayo sa inyong mga tahanan mula sa mga pintuan nito.

At katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa lahat ng bahagi ng inyong pamumuhay, nang sa gayon ay makamtan ninyo ang lahat ng inyong ninanais na kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

190. At makipaglaban kayo, O kayong mga naniniwala sa Allâh, upang maitaguyod ang '*Deen*' ng Allâh, sa mga taong nakikipaglaban sa inyo at huwag kayo ang magpapasimuno ng gulo. Katiyakan, hindi naiibigan ng Allâh (ﷻ) ang mga lumalabag sa Kanyang itinakdang hangganan at nagpapasimuno ng gulo, at pinahihintulutan nila ang ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo.



191. At patayin ninyo ang mga nakikipaglaban sa inyo na mga '*Mushrikin*,' saan man ninyo sila matagpuan at palabasin ninyo sila sa lugar na kung saan kayo ay pinalabas nila (na ito ay Makkah), sapagka't ang '*fitnah*'[14] ay mas masidhi kaysa sa pagpatay ninyo sa kanila.

At huwag kayo ang magpasimuno ng pakikipaglaban sa kanila sa '*Masjid Al-Harâm*' (ang tahanan ng pagsamba sa Allâh sa Makkah) bilang pagdakila sa karangalan (ng lugar na yaon), hanggang hindi sila ang nagpapasimuno (nag-uumpisa) ng pakikipaglaban doon, subali't kapag sila ang nag-umpisa ng pakikipaglaban sa lugar na yaon, ay makipaglaban kayo sa kanila. Ganito ang karapat-dapat na paghihiganti sa mga walang pananampalataya.

192. Kapag itinigil nila ang paglabag at pakikipaglaban sa '*Masjid Al-Harâm*' at pumasok sila sa Islâm, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal.

193. At ipagpatuloy ninyo, O mga sumasampalataya sa Allâh, ang pakikipaglaban sa mga '*Mushrikin*,' na nagpapasimuno ng gulo, hanggang sa mawala ang '*Fitnah*' sa '*Deen*' ng mga Muslim at mawala ang pagsamba ng iba bukod sa Allâh, at ang '*Deen*' ay mananatili na para na lamang sa Allâh (ﷻ) – na wala nang ibang sasambahin bukod sa Kanya. Subali't kapag itinigil nila ang paglabag sa Allâh at pakikipaglaban, itigil din ninyo ang pakikipaglaban sa kanila; ang kaparusahan ay para lamang sa nagpapatuloy ng kanilang paglabag at pakikipaglaban.

194. Ang pakikipaglabang ginawa ninyo sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, sa sagradong buwan na ipinagbabawal ng Allâh ang pakikipaglaban, ay bilang kabayaran lamang ng kanilang pakikipaglaban sa inyo.

[14]*Fitnah* – Ang kahulugan ng '*Fitnah*' sa talatang ito ay tumutukoy sa pagiging '*Kufr*' (pagtanggi), paglabag, paglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh ('*Shirk*') at pagharang sa Daan ng Katotohanan.

Samakatuwid, sinuman ang lalabag sa ipinagbawal ng Allâh, maging ito man ay tumutukoy sa lugar o panahon, ay paparusahan ayon sa kanyang ginawa, na ang kabayaran ay katumbas ng kanyang nagawa. Subali't sinuman ang nag-umpisa ng pakikipaglaban sa inyo o sa iba pang bagay, parusahan ninyo siya na tulad ng kanyang masamang nagawa at wala kayong dapat ipangamba hinggil dito, dahil sila ang nagpasimuno ng laban.

At katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) at huwag magmalabis sa paghihiganti, at dapat (ding) mabatid na ang Allâh (ﷻ) ay nasa mga taong may takot sa Kanya at sumusunod sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ipinag-uutos Niya at pag-iwas sa mga ipinagbabawal Niya.

195. At ipagpatuloy ninyo, O mga sumasampalataya sa Allâh, ang paggugol (paggasta) ng inyong mga kayamanan sa pagtaguyod sa '*Deen*' ng Allâh at pakikipagpunyagi o pakikipaglaban sa Kanyang Daan. At huwag ninyong ilagay ang inyong mga sarili sa kapahamakan, sa pamamagitan ng pagtalikod sa '*Jihâd*' sa Daan ng Allâh at sa pag-iwas sa paggugol ng kayamanan para rito, at pagbutihin ninyo ang paggugol at pagsunod, at taimtim ninyong gampanan ang lahat ng inyong mga gawain para sa Allâh (ﷻ). Katiyakan, minamahal ng Allâh (ﷻ) ang mga dalisay at mga mababuti ang layunin.

196. At isagawa ninyo ang '*Hajj*' at ' `*Umrah*' nang ganap at taos-puso na para lamang sa Allâh (ﷻ). Subali't kapag may humadlang sa inyong maisagawa ito gayong naisuot na ninyo ang '*Ihrâm*,' na tulad (halimbawa) ng pagbabawal ng kalaban o may karamdamang dumapo sa inyo, (kung sakaling ganito man ang nangyari) ay mag-alay na lamang kayo ng anumang bagay na inyong makakayanan, na gaya ng kamelyo, baka o kambing; nang sa gayon ay mapalapit kayo sa Allâh (ﷻ), at upang maialis ninyo ang inyong mga sarili sa kalagayan ng '*Ihrâm*' sa pamamagitan ng pag-aahit o di kaya ay paggugupit ng mga buhok sa inyong mga ulo.

At hindi kayo maaaring makapag-ahit sa inyong mga ulo kung kayo ay natigil (sa ganitong kalagayan), nang hindi muna kayo nag-aalay ng hayop sa lugar na kung saan kayo natigil, nang sa gayon ay maialis ninyo ang inyong mga sarili sa kalagayan ng '*Ihrâm*, na tulad ng ginawa ng Propeta (ﷺ) na pagkatay ng hayop sa '*Hudhaybiyyah*' at pagkatapos ay saka pa lamang siya nagpaahit ng buhok. Gayunpaman, sa sinumang hindi mahahadlangan (ang isinasagawa niyang '*Hajj*' o di kaya ay ' `*Umrah*,' at naipagpatuloy niya ito), ang pagkakatay ay talagang isinasagawa sa lugar ng '*Haram*' (Makkah) sa Araw ng ' `*Eid*' na ika-10 ng '*Dhul Hijjah*' hanggang sa ikalabintatlong araw nito.

At sinuman sa inyo ang nakasuot ng '*Ihrâm*' at pagkatapos ay nagkasakit o di kaya ay mayroong mga bagay na nangyari sa kanyang ulo na magiging sanhi ng pagkakaahit nito, ito ay magagawa niya subali't kinakailangang mag-alay siya ng

‘*fidyah*’ na pag-aayuno ng tatlong araw, o di kaya ay pagbibigay ng ‘*Sadaqah*’ (kawanggawa) sa anim na mahihirap o di kaya ay pagkatay ng kambing para sa mga mahihirap na taga-Makkah.

At kung sakaling nasa ligtas na kalagayan ang sinuman at nasa hustong kalusugan, pagkatapos ay nais na gawin ng sinuman sa inyo ang ‘*`Umrah*’ sa buwan ng ‘*Hajj*’ at nais na rin niyang isagawa ang ‘*Hajj*,’ maaari niyang piliin ang (isang uri ng ‘*Hajj*’ na) ‘*Hajj Tamattu`*,’ na ito ay ang pagbabalik niya sa normal na kalagayan (o pamumuhay) sa pamamagitan ng pagtatanggal niya ng kanyang ‘*Ihrâm*’ pagkatapos niyang maisagawa ang ‘*`Umrah*’ at saka siya muling bumalik sa kalagayan ng ‘*Ihrâm*’ para sa ‘*Hajj*’ kapag sumapit na ang araw ng ‘*Hajj*’ (na kung kaya, ipahihintulot na sa kanya ang lahat ng mga ipinagbawal noong siya ay nakasuot o nasa kalagayan ng ‘*Ihrâm*’).

Subali’t kinakailangan nga lamang niyang mag-alay ng ‘*Hadî.*’ At kung sakali namang hindi niya ito makakayanan, maaari siyang mag-ayuno ng tatlong araw sa buwan ng ‘*Hajj*’ at pitong araw pagkatapos ng mga gawaing pang-‘*Hajj*,’ kapag siya ay nakabalik na sa kanyang pamilya, na ang kabuuan ng lahat ay sampung araw.

Gayunpaman, ang mga alituntuning nabanggit ay para lamang sa mga taong nakatira sa labas ng Makkah (at hindi mga residente o nakatira roon).

At katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal. At dapat ninyong mabatid na ang Allâh (ﷻ) ay matindi sa pagpaparusa sa mga lumalabag sa Kanyang mga kautusan at sa gumagawa ng mga ipinagbabawal.



197. Ang ‘*Hajj*’ ay isinasagawa sa mga kilalang panahong ito, buwan ng ‘*Shawwal*,’ ‘*Dhul Qa`dah*’ at sa mga unang sampung araw ng buwan ng ‘*Dhul Hijjah*.’

Sinuman ang may hangaring magsagawa ng ‘*Hajj*’ sa mga buwang ito at pagkatapos ay nakapagsuot ng ‘*Ihrâm*,’ magiging bawal na sa kanya kung gayon, ang pakikipagtalik sa kanyang asawa, kahit pa ang simula lamang nito, sa salita man o sa gawa. At magiging bawal din sa kanya ang paglabag sa anumang ipinag-uutos, pagsasagawa ng masama at pakikipagtalo sa panahon na isinasagawa ang ‘*Hajj*’ na magdudulot ng galit sa isa’t isa o pagkamuhi.

Ang lahat ng inyong ginagawa na kabutihan ay katiyakang batid ng Allâh (ﷻ) at ginagantimpalaan Niya ang bawa’t isa ayon sa kanyang gawa.

At magdala kayo ng iyong panustos (o baon – pagkain at inumin) para sa inyong ‘*Hajj*’ at mga mabubuting gawa para sa Kabilang-Buhay; gayunpaman ang pinakamabuting baon ay ang pagkatakot (‘*Taqwâ*’ – ang pagiging ‘*Al-Muttaqûn*’) sa Allâh, kaya’t katakutan ninyo Ako, O kayong mga nagtatangan ng matitinong pag-iisip!

198. Hindi pagiging kasalanan para sa inyo kung maghahangad kayo ng kabuhayan mula sa inyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha sa pamamagitan ng anumang legal na pagkakakitaan, katulad (halimbawa) ng pagnenegosyo, sa mga araw ng ‘*Hajj*,’ at kapag lumisan na kayo ng ‘*`Arafat*’ – na ito ay lugar na tinitigilan o pinananatilihan ng mga nagsasagawa ng ‘*Hajj*’ sa ika-9 na araw ng ‘*Dhul Hijjah*’ – pagkalubog ng araw pabalik sa Makkah, alalahanin ninyo ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagluluwalhati sa Kanya – sa pamamagitan ng pagbibigkas ng ‘*Talbiyah*’ at manalangin sa ‘*Mas`har Al-Harâm*’ (lugar sa ‘*Muzdalifah*’).

At purihin ninyo ang Allâh (ﷻ) sa tamang pamamaraan na Kanyang itinuro sa inyo, dahil bago dumating ang patnubay Niya sa inyo ay nasa pagkaligaw kayo, na hindi ninyo alam ang katotohanan.

199. Ang paglisan ninyo sa lugar na yaon ng '*`Arafat*' na tulad ng ginawa ni Ibrâhim (عليه السلام), ay bilang pagsalungat sa ginawa noon ng mga paganong mangmang na hindi tumigil sa lugar na yaon, kaya't hilingin ang Kanyang kapatawaran sa inyong mga kasalanan. Katiyakan, ang Allâh (سبحانه وتعالى) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga aliping humihingi ng kapatawaran at nagsisisi, na Siya ang '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

200. Kapag nabuo ninyo ang uri ng pagsambang ito at natapos ninyo ang mga gawain sa '*Hajj*,' dalasan ninyo ang pag-aalaala at pagpupuri sa Allâh (سبحانه وتعالى) na katulad ng pag-aalaala at pagpupuring ginagawa ninyo sa inyong mga ninuno at higit pa ang gawin ninyo kaysa rito.

Mayroong grupo ng mga paganong ang hangarin lamang nila ay makamundo at sila ay nananalangin at nagsasabi: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ipagkaloob Mo sa amin ang kalusugan dito sa daigdig*, *kayamanan at mga supling.*" Subali't sa Kabilang-Buhay ay wala silang mapapala at mapapakinabangan dahil sa hindi nila pagkakagusto nito, na ang tanging hangarin lamang nila ay makamundo.

201. At mayroong grupo ng mga taong sumasampalataya na nagsasabi sa kanilang panalangin: "*Ipagkaloob Mo sa amin*, *O aming* '*Rabb*' *dito sa mundo*, *ang kalusugan*, *kabuhayan*, *kapaki-pakinabang na kaalaman*, *mabubuting gawa at iba pang mga bagay hinggil sa* '*Deen*' *at makamundong bagay*; *at sa Kabilang-Buhay ay ipagkaloob Mo* (*rin*) *sa amin ang* '*Al-Jannah*' *at iligtas Mo kami sa Impiyernong-Apoy*."[15] Samakatuwid, ito ang pangkalahatang panalangin dahil sa ito ay palaging idinadalangin ni Propeta Muhammad (ﷺ) ayon sa '*Sahih Al-Bukhâri*' at '*Sahih Muslim*.'

202. Yaong mga nananalangin nang ganito, ang para sa kanila na makakamit ay dakilang gantimpala, dahil sa kanilang mabubuting gawa. At ang Allâh (سبحانه وتعالى) ay mabilis sa Kanyang pagtutuos, bilang Niya ang lahat ng mga gawa ng Kanyang mga alipin at sa ganito Niya sila ginagantihan.

[15]Sa sinumang nais manalangin nito ay ganito ito bibigkasin o babasahin sa wikang '*Arabic*:' "*Rab-ba-nã a-a-tinâ fid-dun-yâ ha-sa-nah*, *wa fil-â-khi-ra-ti ha-sa-nah*, *wa qi-nâ a-dhâ-ban-nâr.*"

203. At alalahanin ninyo ang Allâh (ﷻ), dakilain at luwalhatiin sa mga nabibilang na mga araw na tinatawag na '*Ay-yam At-Tash-riq*' (ang ika-11, ika-12, ika-13 ng buwan) ng '*Dhul Hijjah*.' Magkagayunpaman, sino man ang nagmamadali (kung sakali) at pagkatapos ay umalis siya ng '*Mina*' sa ika-12 bago lumubog ang araw, matapos niyang bumato sa '*Jamarat*' ay wala siyang pagkakasala.



Subali't sinuman ang nais na magpaiwan at matutulog pa rin (sa gabi) roon (sa '*Mina*') hanggang sa siya ay makapagbato (kinabukasan) sa '*Jamarat*' – ang ika-13 ng '*Dhul Hijjah*,' ay wala siyang kasalanan, bagkus ito ay gawain lamang ng sinumang natatakot sa Allâh sa kanyang pagsasagawa ng '*Hajj*.'

Ito ay para lamang sa nagsasagawa ng kanyang '*Hajj*' na natatakot sa Allâh (ﷻ). Ang gagawing pagpapahuli ay makababuti nang labis, dahil sa ito ay makadaragdag sa '*Ibâdah*' (pagsamba) at bilang pagsunod (na rin) sa ginawa ni Propeta Muhammad (ﷺ). At kung kaya, katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ), O kayong mga Muslim, bantayan ninyo ang inyong mga sarili at ilayo sa pagkakasala sa lahat ng inyong mga gawain. At dapat ninyong malaman na pagkatapos ninyong mamatay ay titipunin Niya kayo sa Araw ng Pagtutuos at Paghuhukom.

204. Mayroong ilan sa mga taong mapagkunwari na maiibigan mo, O Muhammad (ﷺ), ang kanilang mga magagaling na pananalita, gayong ang hinahangad lamang nila ay ang makamundong kapakinabangan at hindi ang Kabilang-Buhay.

At sumusumpa at tumitestigo sa Allâh (ﷻ) na ang niloloob ng kanyang puso ay pagmamahal sa Islâm – ang mga ganitong pamamaraan ay siyang sukdulang katapangan laban sa Allâh (ﷻ) at ito ay matinding pakikipaglaban sa Islâm at sa mga Muslim.

205. At kapag siya ay tumalikod na sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang kanyang pagpapakalakas at pagpupunyagi sa kalupaan ay upang gumawa ng kapinsalaan, pagsisirain ang mga pananim ng tao, at pagpapatayin ang kanilang mga alagang

hayop. At ang Allâh (ﷻ), hindi Niya nagugustuhan ang mga gumagawa ng kapinsalaan.

206. At kapag pinayuhan ang masama na mapagkunwaring ito at sinabi sa kanyang, "*Matakot ka sa Allâh* (ﷻ), *ingatan mo ang Kanyang kaparusahan*, *at itigil mo ang pamiminsala sa kalupaan*;" ay hindi siya tatanggap ng payo bagkus ay matatangay pa siya ng kanyang pagmamataas at pagkagalit na kamangmangan, nang sa gayon ay makagawa pa siya ng maraming pagkakasala. Kaya't sapat na para sa kanya ang Impiyerno at ang kaparusahan doon. Ito ang pinakamasamang paroroonan at pinakamasamang lugar na hantungan.

207. Mayroon namang mga taong nagsasakripisyo ng kanilang mga sarili sa paghahangad nila ng pagmamahal ng Allâh (ﷻ), sa pamamagitan ng '*Jihâd*' sa Daan ng Allâh at pagiging masunurin sa Kanya. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Raouf***' – Punung-Puno ng Kabutihan para sa Kanyang mga alipin at Napakalawak ang Kanyang Awa sa mga sumasampalataya sa Kanya, rito sa daigdig; at sa Kabilang-Buhay ay gagantimpalaan sila ng kabutihan.

208. O kayong mga naniwala sa Allâh bilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at kay Propeta Muhammad (ﷺ) bilang Propeta at Sugo, at sa Islâm bilang '*Deen*;' pumasok (sumunod) kayo sa kabuuang batas ng Islâm --- ito ay gampanan ninyo nang maigi at huwag kayong mag-iiwan (ng anuman sa Kanyang ipinag-utos). At huwag ninyong sundin ang mga daan ni '*Shaytân*' na magtutulak sa inyo tungo sa daan ng mga pagkakasala dahil sa siya ay tunay ninyong kaaway. Kaya't maging maingat kayo sa kanya.

209. At kapag lumihis kayo sa Matuwid na Landas pagkatapos na dumating sa inyo ang mga malinaw na katibayan na Qur'ân at '*Sunnah*,' dapat ninyong mabatid na ang Allâh (ﷻ) ang '***`Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang mga kaharian, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang ipinag-uutos at ipinagbabawal. Inilalagay Niya ang lahat ng bagay sa tama at dapat nitong paglagyan at wala Siyang nakaliligtaan na anupaman.

210. Ano pa ba ang hinihintay ng mga yaong lumabag at tumanggi pagkatapos maitatag ang mga malinaw na katibayan? Kinakailangan pa bang ang Allâh (ﷻ) ay dumating[16] sa kanila sa pamamagitan ng mga anino ng ulap ayon sa Kanyang

[16]Dumating – Lahat ng inihayag sa Aklat ng Allâh (ﷻ) na Al-Qur'ân hinggil sa mga '*siffât*' (صفات) – '*mga katangian ng Allâh*' (تعالى - ang Kataas-taasan) – na tulad ng Kanyang pagdating, ang Kanyang pagparoon sa itaas ng Kanyang '*`Arsh*' (na isinalin bilang Trono), ang Kanyang Mukha, mga Mata, mga Kamay, mga Paa, mga Lulod at iba pa bilang Kanyang mga katangian. At sa lahat ng sinabi ng Sugo ng Allâh mula sa mga tunay na mapapanaligang '*Ahâdîth*' (mga pagsasalaysay), tulad ng Kanyang katangian na '*Nuzûl*' (نزول), ang Kanyang pagbaba, ang Kanyang pagtawa at

kadakilaan sa Araw ng Muling Pagkabuhay upang maghukom ng makatarungang paghuhukom sa kanila; na maging ang mga anghel ay darating din sa Araw na yaon? At doon ipapasiya ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang paghuhukom sa kanila at wala silang magagawa (sa Araw na yaon) sapagka't ang lahat ng mga nilikha ay sa Allâh (ﷻ) lamang nagbabalik (para sa pagpapasiya).

---

iba pa. Ang mga katangiang nabanggit ay naaangkop lamang sa Kanyang Kadakilaan, Kamaharlikaan, at sa Kanyang pagiging Bukod-Tangi at Nag-iisang Tagapaglikha.

Ang lahat ng mga katangiang ito ay angkop na angkop lamang sa Allâh (ﷻ) nang wala Siyang nakakahalintulad na kahit na alinman sa Kanyang mga nilikha. Sinabi ng Allâh (ﷻ) sa Qur'ân*:*

"*...Siya ay walang katulad at walang maihahambing sa Kanya mula sa anuman na Kanyang mga nilikha*, *at Siya ay* '***As-Samee***`' *– ang Ganap na Nakakarinig*, *na* '***Al-Baseer***' *– ang Ganap na Nakakakita...*" (ang pagkakasalin ng kahulugan, Qur'ân 42:11); "*At kailanman ay walang maihahalintulad sa Kanya.*" (ang pagkakasalin ng kahulugan, Qur'ân 112:4).

Ang mga paham o pantas na pangrelihiyon ng Qur'ân at '*Sunnah*' ay naniniwala sa mga katangiang ito at pinagtibay na ang mga ito ay tunay Niyang Katangian:

a.] Nang hindi ito binibigyan ng '*Ta`wîl*' (تأويل) o '*Tahrîf* ' (تحريف) - nang hindi ito pinakakahulugan ng ibang bagay. Na tulad halimbawa ng pagkakalikha ng Allâh (ﷻ) kay Âdam (عليه السلام) sa pamamagitan ng Kanyang kamay, hindi maaaring alisin ang katangian na Siya ay nagtataglay ng Kamay, at pagkatapos ay bibigyan ng ibang pakahulugan at sasabihin na ito ay sumasagisag sa kapangyarihan. Siya ay nagtataglay ng Kamay at kung papaano ito, ito ay batay sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan.

b.] Nang hindi ito ginagawan ng '*Tashbîh*' (تشبيه) – nang hindi binibigyan ng pagkakatulad o pagkakahawig sa alinman sa Kanyang mga nilikha. Hindi maaari na ang Kanyang mga katangian ay katulad ng alinman sa Kanyang mga nilikha, sapagka't Siya ay walang katulad: "*At kailanman ay walang maihahalintulad sa Kanya.*"

k.] Nang hindi sinasabi na ito ay '*Ta`atil*' (تعطيل) – ganap na ipagsasawalang-bahala ang Kanyang mga katangian na tulad halimbawa ng pagtanggi na Siya ay may Mukha at iba pa.

d.] Nang hindi tinatanong ang pagiging paano o '*Takyîf*' (تكييف) nito, dahil kung paano ito nagaganap, ay batay lamang sa kadakilaan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang kamaharlikaan.


سَلْ بَنِيٓ إِسْرَٰٓءِيلَ كَمْ ءَاتَيْنَٰهُم مِّنْ ءَايَةٍۭ بَيِّنَةٍ ۗ وَمَن يُبَدِّلْ نِعْمَةَ
ٱللَّهِ مِنۢ بَعْدِ مَا جَآءَتْهُ فَإِنَّ ٱللَّهَ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿٢١١﴾ زُيِّنَ لِلَّذِينَ
كَفَرُوا۟ ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا وَيَسْخَرُونَ مِنَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ۘ وَٱلَّذِينَ
ٱتَّقَوْا۟ فَوْقَهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۗ وَٱللَّهُ يَرْزُقُ مَن يَشَآءُ بِغَيْرِ حِسَابٍ
﴿٢١٢﴾ كَانَ ٱلنَّاسُ أُمَّةً وَٰحِدَةً فَبَعَثَ ٱللَّهُ ٱلنَّبِيِّۦنَ مُبَشِّرِينَ
وَمُنذِرِينَ وَأَنزَلَ مَعَهُمُ ٱلْكِتَٰبَ بِٱلْحَقِّ لِيَحْكُمَ بَيْنَ ٱلنَّاسِ
فِيمَا ٱخْتَلَفُوا۟ فِيهِ ۚ وَمَا ٱخْتَلَفَ فِيهِ إِلَّا ٱلَّذِينَ أُوتُوهُ مِنۢ بَعْدِ
مَا جَآءَتْهُمُ ٱلْبَيِّنَٰتُ بَغْيًۢا بَيْنَهُمْ ۖ فَهَدَى ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟
لِمَا ٱخْتَلَفُوا۟ فِيهِ مِنَ ٱلْحَقِّ بِإِذْنِهِۦ ۗ وَٱللَّهُ يَهْدِى مَن يَشَآءُ إِلَىٰ
صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٢١٣﴾ أَمْ حَسِبْتُمْ أَن تَدْخُلُوا۟ ٱلْجَنَّةَ وَلَمَّا
يَأْتِكُم مَّثَلُ ٱلَّذِينَ خَلَوْا۟ مِن قَبْلِكُم ۖ مَّسَّتْهُمُ ٱلْبَأْسَآءُ وَٱلضَّرَّآءُ
وَزُلْزِلُوا۟ حَتَّىٰ يَقُولَ ٱلرَّسُولُ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَعَهُۥ مَتَىٰ نَصْرُ ٱللَّهِ ۗ
أَلَآ إِنَّ نَصْرَ ٱللَّهِ قَرِيبٌ ﴿٢١٤﴾ يَسْـَٔلُونَكَ مَاذَا يُنفِقُونَ ۖ قُلْ
مَآ أَنفَقْتُم مِّنْ خَيْرٍ فَلِلْوَٰلِدَيْنِ وَٱلْأَقْرَبِينَ وَٱلْيَتَٰمَىٰ وَٱلْمَسَٰكِينِ
وَٱبْنِ ٱلسَّبِيلِ ۗ وَمَا تَفْعَلُوا۟ مِنْ خَيْرٍ فَإِنَّ ٱللَّهَ بِهِۦ عَلِيمٌ ﴿٢١٥﴾

211. Tanungin mo, O Muhammad (ﷺ) ang mga angkan ni Isrâ`il na nagmamatigas sa iyo: "*Ilan ba ang ibinigay ng Allâh* (ﷻ) *sa kanilang mga malinaw na palatandaan sa kanilang Aklat bilang gabay tungo sa katotohanan? Subali't ang lahat ng ito ay hindi nila pinaniwalaan – tinalikuran nila at binago ito mula sa pagiging totoo nito*."

Samakatuwid, ang sinumang mag-bago ng kagandahang-loob at biyaya ng Allâh (ﷻ) (na ito ay ang Kanyang '*Deen*'); at tumanggi pagkatapos itong mabatid at naging malinaw sa kanya ang mga katibayan hinggil dito, katiyakang matindi ang gagawing pagpaparusa ng Allâh (ﷻ) sa kanya.

212. Pinaganda sa mga di-naniwala sa Kaisahan ng Allâh ang makamundong buhay na may kalakip na pagnanasa at pagpapasarap. At kinukutya nila ang mga naniwala sa Allâh. Subali't yaong mga may takot sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, sila ang labis na makahihigit sa Kabilang-Buhay kaysa sa mga walang pananampalataya, dahil sila ay papapasukin ng Allâh (ﷻ) sa matataas na antas ng Hardin ('*Al-Jannah*'), at ilulugmok naman ang mga walang pananampalataya sa kaila-ilaliman ng Impiyernong-Apoy. At ang Allâh (ﷻ) ay magkakaloob ng Kanyang biyaya sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa sinumang Kanyang nais mula sa Kanyang mga nilikha nang walang hangganan.

213. Ang mga tao ay nagmula lamang sa iisang komunidad na nagkakaisa sa paniniwala sa Allâh (ﷻ), pagkatapos nito ay nagkasalungatan sila sa kanilang '*Deen*,' na kung kaya, nagpadala ang Allâh (ﷻ) ng mga Propeta upang ibahagi ang '*Deen*' ng Allâh at dinala (nila) ang magandang balita hinggil sa '*Al-Jannah*' para sa sinumang susunod sa Allâh (ﷻ); at nagbigay ng babala sa sinumang lalabag at hindi maniniwala, na ang para sa kanila ay Impiyernong-Apoy.

At kasama na ipinadala ng Allâh (ﷻ) sa kanila ay mga Aklat mula sa kataas-taasan, na nagsasaad ng katotohanan bilang panuntunan ng mga tao sa anumang bagay na hindi nila pinagkasunduan.

At walang sinuman ang hindi nagkasundo hinggil kay Propeta Muhammad (ﷺ) at sa Aklat na kanyang dinala, kundi ang mga pinagkatiwalaan ng Allâh (ﷻ) ng '*Tawrah*;' bilang paglabag, pagkapoot at panibugho, gayong nalaman na nila rito ang lahat ng mga katibayan at batas.

Samakatuwid, ginabayan ng Allâh (ﷻ) ang mga sumampalataya sa Kanya bilang biyaya at kagandahang-loob, tungo sa pagkakakilala ng katotohanan mula sa kamalian; at pagkakaunawa sa anumang bagay na hindi nila pinagkasunduan.

At ang Allâh (ﷻ) ay nagpapatnubay sa sinumang Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin tungo sa Matuwid na Landas.

214. Iniisip ba ninyo, O kayong nananampalataya sa Allâh, na kayo'y makapapasok ng '*Al-Jannah*' nang walang anumang pagsubok na darating sa inyo, na katulad ng mga pagsubok sa mga mananampalatayang nauna sa inyo, na mga kahirapan, mga sakit, pagkatakot, mga paglindol at iba pang mga uri ng mga nakatatakot?

Hanggang sa sinabi ng isa sa Sugo ng Allâh para sa kanila at ng mga naniwala, bilang pag-aasam na paratingin nang madali ang tulong mula sa Allâh (ﷻ): "*Kailan darating ang tulong ng Allâh* (ﷻ)*? Walang pag-aalinlangan! Katiyakang malapit na ang tulong ng Allâh* (ﷻ) *sa mga mananampalataya.*"

215. Tinatanong ka ng iyong mga '*Sahâbah*' (kasamahan), O Muhammad (ﷺ), kung alin sa kanilang mga yaman ang kanilang gugugulin nang sa gayon ay mapalapit sila sa Allâh (ﷻ) at kung sino ang kanilang tutustusan?

Sabihin mo sa kanila: "*Gugulin nila ang pinakamabuti mula sa kanilang kinitang* '*Halâl*' *at malinis*; *at ito ay gastusin nila para sa kanilang mga magulang*, *kamag-anak*, *mga ulila*, *mga mahihirap*, *sa naglalakbay na nangangailangan ng panustos dahil sa napalayo siya sa kanyang pamilya at yaman.*" Katiyakan, lahat ng mabuting inyong ginagawa ay ganap na Nababatid ng Allâh (ﷻ).

216. Ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa inyo, O kayong naniwala sa Kanya, na mag-'*Jihâd*' nang alang-alang sa Kanya – magpunyagi o makipaglaban sa mga walang pananampalataya (na humaharang sa Daan ng Allâh). Ang pakikipaglabang ito ay ayaw na ayaw ninyo – likas na hindi ninyo ito nagugustuhan dahil sa hirap na nararanasan dito at sa rami ng kapinsalaan; magkagayunpaman, maaaring ang bagay na inaayawan ninyo sa katunayan ay makabubuti para sa inyo. At maaari namang ang isang bagay na gusto ninyo, na katulad ng pamamahinga at panandaliang kaligayahan, ay makasasama para sa inyo. Ang Allâh (ﷻ), Siya lamang ang Ganap na Nakaaalam kung ano ang makabubuti para sa inyo subali't kayo ay hindi ninyo alam. Kung gayon, mag-'*Jihâd'* kayo sa Kanyang Daan.

217. Itinatanong sa iyo ng mga *Mushrikûn*, O Muhammad (ﷺ), ang hinggil sa pakikipaglaban sa Sagradong Buwan,[17] kung ito ba ay ipinahihintulot? Sabihin mo sa kanila: "*Ang pakikipaglaban sa Sagradong Buwan ay isang malaking paglabag sa paningin ng Allâh* (ﷻ), *maging ang paggawa ng anumang kasalanan at pagdanak ng dugo sa mga sagradong buwan na yaon.*

"*Gayunpaman*, *ang pagbawalan ninyo ang tao na pumasok ng Islâm sa pamamagitan ng pagpaparusa at pananakot sa kanila*; *ang tanggihan ninyo ang Allâh* (ﷻ), *ang Kanyang Sugo at ang Kanyang* '*Deen*;' *at ang pagbawalan ang mga Muslim na pumasok sa* '*Masjid Al-Harâm*' (*sa Makkah*); *at ang palabasin ang Propeta at ang mga* '*Muhâjirin*' *mula rito*, *na sila ay ang mga yaong pamilya at mga kamag-anak ng Propeta*: *ang lahat ng ito ay mas malaking kasalanan at sukdulan na paghihimagsik laban sa Allâh* (ﷻ) *kaysa sa pakikipaglaban sa Sagradong Buwan. At ang* '*Shirk*' (*din*) *na inyong ginagawa ay mas nakahihigit na malaking kasalanan kaysa sa pakikipaglaban sa Sagradong Buwan.*"

[17]Ang mga Sagradong Buwan ay Buwan ng '*Rajab*,' '*Dhul Qa`dah*,' '*Dhul Hijjah*' at '*Muharram*.'

At yaong mga walang pananampalataya ay hindi titigil sa kanilang paggawa ng kasamaan, bagkus ay magpapatuloy pa rin sila at kailanman ay hindi sila titigil sa pakikipaglaban sa inyo hanggang sa maibalik nila kayo sa pagiging *Kufr* – maialis kayo sa Islâm, kung ito ay kaya nilang gawin.

Subali't sinuman sa inyong mga Muslim ang susunod sa kanila at tatalikod sa Kanyang '*Deen*' – sa '*Deen*' ng Allâh at pagkatapos ay namatay na walang pananampalataya, walang pag-aalinlangan, mawawalan ng saysay ang lahat ng kanyang mga gawa rito at sa Kabilang-Buhay, at magiging kabilang siya sa mga mananatili sa Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan.

218. Katiyakan, yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at sumunod sa batas, at yaong iniwanan nila ang kanilang mga tahanan at nagsagawa ng '*Jihâd*' sa Daan ng Allâh – sila ang labis na naghahangad ng kagandahang-loob ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang gantimpala. At ang Allâh (ﷻ), Siya ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng Kanyang mga aliping naniniwala sa Kanya, na '***Raheem***' – Napakamaawain na napakalawak ng Kanyang Awa at Ganap na Mapagmahal sa kanila.



219-220. Tinatanong ka ng mga Muslim, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang batas hinggil sa mga nakalalasing na inumin, sa paggawa nito, sa pag-inom nito, sa pagbili at pagtinda nito. Ang '*Khamr*' ay tumutukoy sa lahat ng uri ng mga nakalalasing, nakasasara at nakasisira ng matinong pag-iisip – maging ito man ay isang uri ng inumin o pagkain.

At tinatanong ka rin nila hinggil sa pagsusugal – na ito ay ang anumang bagay na may kinalaman sa pagkuha o pagbibigay ng salapi bilang pagtaya, na ito ay pakikipagpustahan ng dalawang panig o higit pa.

Sabihin mo sa kanila: "*Ang mga bagay na ito ay nagdudulot ng kapinsalaan at malaking kasiraan sa* '*Deen*' *at sa makamundong kabuhayan*, *gayundin sa mga kaisipan at mga kayamanan*, *bagama't may kaunting pakinabang dito ang mga tao dahil sa kumikita sila ng salapi at iba pa*; *gayunpaman*, *ang kasalanan sa pagsagawa nito ay mas nakahihigit kaysa sa ibinibigay nitong kapakinabangan*, *dahil sa ito ay nakapipigil sa pag-alaala sa Allâh* (ﷻ), *sa pagsa-*'*Salâh*' *at nagdudulot din ito ng paglalaban-laban sa isa't isa at poot sa pagitan ng mga tao*, *at nakasisira ng kayamanan.*" Ito ang unang talata hinggil sa pagbabawal sa dalawang bagay na ito.

At tinatanong ka nila, kung gaano kalaki ang halagang maaari nilang gugulin sa kanilang mga kayamanan bilang kusang pagsasagawa ng kawanggawa. Sabihin mo sa kanila: "*Gugulin ninyo ang halagang lumabis sa inyong panga-ngailangan.*"

Sa pamamagitan ng Kanyang mga talata, ginawang malinaw ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang Kanyang mga batas, nang sa gayon ay mapag-isipan ninyo kung ano ang makababuti sa inyo (rito sa daigdig) at sa Kabilang-Buhay.

At tinatanong ka rin nila, O Muhammad (ﷺ), hinggil sa mga ulila kung paano nila pakikitunguhan ang mga ito sa kanilang pamumuhay at (kung papaano iingatan ang) kanilang mga kayamanan. Sabihin mo sa kanila: "*Ang tanging makababuti ay ang pagiging matapat ninyo sa kanila*, *na kung kaya*, *gawin ninyo palagi kung ano ang nakababuti.*

Subali't kapag isinama na ninyo sila (*o naging bahagi na sila*) *ng inyong pang-araw-araw na pamumuhay*, *ang* (*unang*) *dapat ninyong isaalang-alang*, *ay sila ay inyong mga kapatid sa Islâm*." Kaya't tungkulin ng kapatid na pangalagaan niya ang anumang makabubuti para sa kanyang kapatid.

At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakababatid kung sino ang nakialam sa mga kayamanan o pagmamay-ari ng ulila at kung sino ang naging matiyaga sa pamamagitan ng kanyang katapatan, dahil kung nanaisin lamang ng Allâh (ﷻ), ay kaya Niya kayong ilagay sa paghihirap at ipagbawal ang pagsama (o paghalo) ng kanilang kayamanan sa inyong kayamanan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***`Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang mga Kaharian, na Siya ang '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang mga nilikha, sa pangangasiwa nito at sa pagsasagawa ng batas.

221. At huwag kayong magsipag-asawa, O kayong mga Muslim, ng mga '*Mushrikât*' – mga kababaihang sumasamba ng iba bukod sa Allâh, hanggang sa tanggapin nila ang Islâm nang buong puso. Dapat ninyong mabatid na ang isang babaing alipin, walang yaman, walang halaga sa lipunan, na sumasampalataya sa Allâh (ﷻ) ay higit na nakabubuti kaysa sa isang '*Mushrikah*' --- isang babaing nagtatambal sa pagsamba o sumasamba ng iba bukod sa Allâh; kahit na ang isang malayang '*Mushrikah*' na ito (na ang ibig sabihin ay hindi siya alipin) ay kalugud-lugod sa inyong paningin.

At huwag ninyong ipakasal ang inyong mga kababaihang naniniwala sa Allâh – alipin man ito o isang malaya, sa mga '*Mushrikîn*' (nagtatambal sa pagsamba o sumasamba ng iba), hanggang sa sila ay maniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo. At dapat ninyong mabatid na ang aliping lalaking mananampalataya, kahit na siya ay isang mahirap ay higit na nakabubuti kaysa sa isang '*Mushrik*,' na kahit na ang '*Mushrik*' na ito ay kalugud-lugod pa sa inyong paningin.

Silang mga '*Mushrikûn*,' kalalakihan man o mga kababaihan, ay nag-aanyaya sa sinuman na kanilang makakapiling (o magiging kabiyak) patungo sa Impiyerno, subali't ang Allâh (ﷻ), inaanyayahan Niya ang Kanyang mga alipin sa Kanyang '*Deen*' ng katotohanan, na magdadala sa kanila patungo sa '*Al-Jannah*' (Hardin) at pagpapatawad sa kanila ng kanilang pagkakasala ayon sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ). At ipinaliwanag Niya ang Kanyang mga talata at mga batas sa mga tao, nang sa gayon ay makaalaala sila at ito ay maging aral sa kanila.

222. At tinatanong ka nila, O Muhammad (ﷺ), hinggil sa '*Al-Haydh*' – likas na dugo na lumalabas sa mga kababaihan sa takdang panahon (buwanang dalaw o regla ng kababaihan), – sabihin mo sa kanila, "*Ito ay nakasisira sa sinumang lalapit dito at marumi para sa inyo. Kaya't iwasan ninyo ang makipagtalik sa inyong mga asawa habang sila ay nasa gayong kalagayan hanggang sa tumigil ang kanilang buwanang dalaw* (*regla*). *Kapag natigil na ang kanilang buwanang*

dalaw at nakapaligo na sila, *ay makipagtalik na kayo sa kanila sa bahagi na ipinahintulot ng Allâh sa inyo. Ito ay sa harapan na pribadong bahagi at hindi sa likuran.*"

Ang Allâh (ﷻ), samakatuwid, ay nagmamahal sa Kanyang mga alipin, na palaging humihingi ng kanilang kapatawaran at pagsisisi, at nagmamahal sa Kanyang mga aliping malilinis, na lumalayo sa lahat ng mga kahalayan at karumihan.

223. Ang inyong mga asawa ay katulad ng mga tinataniman (taniman) dahil sa inilalagay ninyo ang mga punla (semilya) sa kanilang sinapupunan, na sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ) ay nabubuo roon ang mga sanggol.

Kaya't makipagtalik kayo sa kanila sa tamang bahagi lamang na ipinahintulot, sa anumang pamamaraang inyong nais – ito ay sa harapan na pribadong bahagi. Gawin ninyo sa inyong mga sarili ang mga mababuting gawain at matakot kayo sa Allâh (ﷻ) bilang pagsunod sa Kanyang mga kautusan. At dapat ninyong mabatid na walang pag-aalinlangan na makakatagpo ninyo ang Allâh (ﷻ) sa paghuhukom sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Ipamalita mo sa mga naniwala sa Allâh (ﷻ), O Muhammad (ﷺ), ang mga bagay na ikagagalak nila na mabuting gantimpala sa Kabilang-Buhay.

224. At huwag ninyong gawing dahilan, O kayong mga Muslim, ang inyong panunumpa sa Allâh (ﷻ), na ito ang magiging hadlang sa inyo sa pagsasagawa ng kabutihan, at pakikitungo sa inyong mga kamag-anak, pagkatakot sa Allâh (ﷻ) at pagsasaayos ng hidwaan sa pagitan ng mga tao; kapag kayo ay inanyayahan sa paggawa ng mabuting bagay ay mangangatwiran kayo, na kayo ay sumumpa sa Allâh (ﷻ) na hindi ninyo ito gagawin.

(Hindi dapat ganito ang katwiran), ang nararapat gawin ng sinumang sumumpa ay kalimutan[18] niya ang kanyang sinumpaan, pagkatapos ay gumawa siya ng kabutihan at pagpunan na lamang niya ang hindi niya natupad na panumpaan sa Allâh (ﷻ) at mangako siya na ito ay hindi na niya babalikan pa.[19]

At ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee***`' – Ganap na Naririnig Niya ang anuman na inyong sinasabi, na '`***Aleem***' – Walang-Hanggang Nakaaalam at Ganap na Nababatid Niya ang lahat ng mga pangyayari sa inyo.

[18]Na ito ay kalimutan niya sa pakahulugan na para siya ay makagawa ng kabutihan at hindi ito ang maging hadlang, at pagkatapos ay pagpupunan niya ang anumang panumpaan sa Allâh (ﷻ) na hindi niya natupad.

[19]Ang pagpupunan na gagawin sa hindi natupad na panumpaan sa Allâh (ﷻ) ay sa pamamagitan ng pagpapakain ng sampung mahihirap o di kaya ay ibili sila ng mga damit o di kaya ay sa pamamagitan ng pagpapalaya ng isang alipin. Gayunpaman, kung hindi niya magagawa ang alinman sa mga ito, maaari na lamang siyang mag-ayuno ng tatlong araw at mangako siya pagkatapos nito na hindi na niya ito babalikan pa.



225. Hindi kayo paparusahan ng Allâh (ﷻ) sa inyong panunumpang walang kasamang intensiyon, subali't paparusahan Niya kayo kapag ito ay ginawa ninyo mula sa inyong mga puso. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisisi, na '***Haleem***' – Ganap at Napakalawak ang Kanyang Pang-unawa sa sinumang lumalabag sa Kanya at hindi Siya kaagad nagpaparusa.

226. At ang para sa mga sumumpa sa Allâh (ﷻ), na sila ay hindi makikipagtalik sa kanilang mga asawa, nararapat sa kanila na maghintay muna ng apat na buwan, subali't kung sila ay nanumbalik (o nagbago ang kanilang isip sa mga panahong yaon) bago matapos ang apat na buwan; walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa sinumang gumawa ng ganitong panunumpa dahil sa kanyang panunumbalik, na Siya ang '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

227. At kapag naging buo ang kanilang desisyon na sila ay makikipaghiwalay at nagpatuloy sila sa kanilang sinumpaan at nakaiwas sa pagtatalik; samakatuwid, ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee***`' – Ganap na Nakakarinig ng lahat ng kanilang mga sinasabi, na '`***Aleem***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakaaalam ng kanilang mga layunin at gagantihan sila ayon dito.

228. At ang mga kababaihang malaya (na ang ibig sabihin ay hindi sila mga alipin) na patuloy pang dumarating ang kanilang buwanang-dalaw (o nireregla pa sila), na hiniwalayan ng kanilang mga asawa, ay kinakailangang maghintay sila ng tatlong buwan o tatlong '*menstruation period*' bilang '*id-dah*' bago sila maaaring makapag-asawang muli (kung sakaling nais nila), nang sa gayon ay makatiyak na walang sanggol sa sinapupunan. At hindi sila maaaring magpakasal o makapag-asawa ng ibang lalaki sa panahon ng kanilang '*id-dah*' hanggang sa ito ay matapos. At hindi (rin) nila maaaring ilihim ang nilikha ng Allâh na sanggol na nasa kanilang mga sinapupunan o ang kanilang mga buwanang-dalaw (o regla),

kung sila – ang mga hiniwalayan na mga kababaihang ito ay tunay na naniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Huling Araw.

Ang kanilang mga asawa ang mas higit na may karapatan na makipagbalikan sa kanila habang sila ay nasa panahon ng '*id-dah.*' At nararapat na ito ay nasa layunin na pakikipag-ayos at pakikipagmabutihan, at hindi upang ipahamak at parusahan ang kanilang mga asawa at pahahabain ang '*id-dah.*'

At ang para sa mga kababaihan ay mga karapatan sa kanilang mga asawa na katulad din ng mga karapatan ng kanilang mga asawa sa kanila, sa tamang pamamaraan. Subali't nakahihigit ng isang antas ang mga kalalakihan sa kanilang mga asawa dahil sa tungkuling iniatas sa kanila na tulad ng magandang pakikisama, tamang pakikisalamuha at pamumuno sa tahanan.

At ang Allâh (ﷻ) ang '***`Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa lahat, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam, na inilalagay ang lahat ng bagay sa dapat nitong kalagyan.

229. Maaari lamang magkabalikan ang mag-asawa kung ang paghihiwalay o diborsiyo ay nangyari nang dalawang beses.

Ang batas ng Allâh (ﷻ) pagkatapos ng bawa't paghihiwalay: maaaring panatilihin niya ang kanyang asawa sa pamamagitan ng magandang pamamaraan at maayos na pakikisama pagkatapos nilang magkabalikan o di kaya ay hayaan na lamang niyang magpatuloy ang kanilang paghihiwalay sa maayos na paraang may kasamang kabutihang-loob at bilang pagbibigay (na rin) sa kanyang karapatan (bilang babae). At hindi siya maaaring bumanggit ng anumang masama laban sa kanyang asawa.

At hindi rin pinahihintulutan sa inyong mga kalalakihan, na angkinin ang kahit na anumang bagay mula sa ibinigay ninyong '*Mahr*' at iba pa, maliban na lamang kung nangangamba ang magkabilang panig, na hindi nila magagampanan ang kanilang tungkulin bilang mag-asawa. Sa ganitong pangyayari, nararapat na isangguni nilang pareho sa kanilang mga magulang ang bagay na ito at kung nangangamba ang kanilang mga magulang na hindi na nila kapwa makakayanan bilang mag-asawa na gampanan ang mga batas ng Allâh (ﷻ), walang kasalanan sa dalawa kung magbibigay ang babae ng kaukulang halaga bilang kapalit ng kanyang paghihiwalay.

Iyan ang batas ng Allâh (ﷻ) bilang panuntunan sa pagitan ng '*Halâl*' (ipinahihintulot) at '*Harâm*' (ipinagbabawal), na kung kaya huwag ninyo itong labagin. Sinuman ang lalabag sa hangganang itinakda ng Allâh (ﷻ), sila samakatuwid ang naghimagsik – itinulak nila ang kanilang sarili sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

230. At kapag hiniwalayan ng lalaki ang kanyang asawang babae sa ikatlong pagkakataon, hindi na siya magiging '*Halâl*' pa sa kanya,[20] hanggang hindi siya (babae) nakapag-aasawa ng ibang lalaki – tamang pamamaraan na pag-aasawa, na sila ay nagsama at nagtalik nang walang sapilitan – wala sa kanilang layunin na ito ay gagawin lamang nila upang siya (babae) ay maging '*Halâl*' (o maging karapat-dapat muli) sa kanyang unang asawa. Subali't kung siya (babae) ay hiniwalayan ng kanyang pangalawang napangasawa o di kaya ay namatay ito at matapos ang '*iddah*,' ay wala nang kasalanan sa babae at sa kanyang unang naging asawa kung sila ay muling magpakasal nang may panibagong '*Mahr*,' kung naniniwala sila sa isa't isa na kaya nilang panindigan ang batas ng Allâh (ﷻ) para sa kanilang dalawang mag-asawa.

At ito ang mga batas at hangganang itinakda ng Allâh (ﷻ), na ginawa Niyang malinaw para sa mga taong mayroong kaalaman hinggil dito, sapagka't sila rin naman ang makikinabang sa mga bagay na ito.

[20]Hindi na siya magiging '*Halâl*' sa kanya – na ang ibig sabihin nito ay hindi sila maaaring magkabalikan bilang mag-asawa hanggang hindi nakapag-aasawa ng iba ang babae. Ito ay bilang aral sa mga kalalakihan, nang sa gayon ay mapahalagahan nila ang mga salita na kanilang binibitiwan.



231. At kapag hiniwalayan ninyo ang inyong mga asawa at patapos na ang kanilang '*iddah*,' makipagbalikan kayo sa kanila, na ang layunin ay gagampanan ninyo ang inyong tungkulin sa kanila sa maayos at legal na pamamaraan, o di kaya ay hayaan na lamang ninyo sila hanggang sa matapos ang kanilang '*iddah.*'

At ingatan ninyo na ang inyong layunin sa pakikipagbalikan sa kanila ay para ipahamak sila. At sinuman ang gagawa nito, katiyakan, sinira niya ang kanyang sarili at itinulak niya patungo sa kaparusahan.

At huwag ninyong paglaruan o gawing laruan ang mga talata ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang mga batas. At alalahanin ninyo ang mga biyaya at kagandahang-loob sa inyo ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng inyong pagiging Muslim at sa pagkakapahayag ng Kanyang batas. At alalahanin ninyo ang anumang ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa inyo na Qur'ân at '*Sunnah*,' at magpasalamat kayo sa Kanya dahil sa Kanyang mga dakilang biyaya.

Pinapaalalahanan kayo ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan nito at binabalaan kayong huwag lumabag. Katakutan ninyo Siya at maging maingat sa inyong mga gawain. At nararapat na mabatid ninyo na ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakaaalam ng lahat ng bagay at walang anuman ang maililihim sa Kanya. At pagbabayarin Niya ang bawa't isa ng karapat-dapat na para sa kanya.

232. At kapag hiniwalayan ninyo ang inyong mga asawa nang hindi pa umabot ng tatlong beses at natapos na ang kanilang '*iddah*' nang hindi sila binabalikan, huwag maging malupit sa kanila, O kayong mga tagapag-alaga (magulang) sa pamamagitan ng pagbabawal sa kanilang magpakasal muli sa kanilang dating asawa kung ito ay nais nila, at kung nagkasundo ang dalawang panig ayon sa legal at kinaugalian ng nakararami na hindi salungat sa batas ng Islâm.

Ito ang payo sa sinuman sa inyo na totoo ang kanyang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kabilang-Buhay. Katiyakan, ang hindi pagmamalupit at pagbibigay ng pagkakataong magkabalikan ang mga mag-asawa ay higit na nagpapalago ng

magandang samahan at nakalilinis ng kapurihan, at higit na kapaki-pakinabang, at gantimpala para sa inyo.

At ang Allâh (ﷻ) ay Ganap na Nababatid Niya kung ano ang nakabubuti sa inyo, gayong kayo ay hindi ninyo ito nababatid.

233. At tungkulin ng mga ina na pasusuhin ang kanilang mga anak sa loob ng dalawang taon sa sinumang nagnanais na buuin ang pagpapasuso. At tungkulin (naman) ng mga ama ng sanggol na tustusan ang mga hiniwalayang mga nagpapasusong ina, sa kanilang pagkain at pananamit ayon sa maganda, legal at kinaugalian ng nakararami; sapagka't ang Allâh (ﷻ) ay hindi nag-uutos nang anuman maliban sa bagay na nakakayanan nila at hindi ipinahihintulot sa mga magulang na gamitin nila ang kanilang mga anak upang pahirapan ang isa't isa.

At tungkulin din ng sinumang tagapagmana ng ama, na gampanan ang pananagutan ng ama na tulad ng pagtustos at pagpadamit kung (sakaling) siya (ama) ay namatay.

At kapag ninais ng magulang (ama at ina) na awatin (patigilin sa pagpapasuso) ang bata bago sumapit ang dalawang taon ay wala silang kasalanan kung ito ang kanilang napagkasunduan at kung ito ay magdudulot ng kabutihan sa bata.

At kung napagkasunduan ng dalawa (ama at ina) na pasusuhin ang sanggol sa pamamagitan ng ibang babaing nagpapasuso maliban sa kanyang ina, ay wala rin silang kasalanan kung maibibigay ng bawa't isa ang tungkulin (o pananagutan) nilang dalawa ayon sa kinaugalian ng nakararami.

Samakatuwid, katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa lahat ng pagkakataon at nararapat ninyong mabatid na ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakakakita sa lahat ng inyong mga ginagawa na walang anuman ang naililihim sa Kanya at pagbabayarin Niya kayo batay sa inyong ginawa.



234. At sa mga yaong namatay mula sa inyo at naiwanan nila ang kanilang mga asawa, nararapat sa mga nabiyuda na maghintay para sa kanilang mga sarili ng apat na buwan at sampung araw nang hindi sila lumalabas mula sa kanilang mga tahanan, maliban na lamang kung kailangan na kailangan.

Hindi rin sila maaaring magpaganda at hindi rin sila maaaring mag-asawa sa loob ng itinakdang panahong yaon.

At kapag natapos na ang nakatakdang panahong yaon bilang kanilang '*iddah*' ay wala na kayong kasalanan, O kayong mga tagapag-alaga ('*guardians*') ng babae, kung anuman ang nais gawin ng nabiyuda sa kanilang mga sarili nang hindi lumalabas sa panuntunang itinakda ng Allâh (ﷻ); na tulad ng paglabas-labas, pagpapaganda at pag-aasawa sa legal na pamamaraan. At batid ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng inyong ginagawa, maging ito man ay lantad o lihim at sa mga ito (na inyong mga ginawa) kayo ay Kanyang pagbabayarin.

235. At walang kasalanan sa inyong mga kalalakihan kung magpapakita kayo ng hangarin na gusto ninyong pakasalan ang mga nabiyuda sa panahon ng kanilang '*iddah*' at wala rin kayong kasalanan kung inyong ililihim sa inyong mga sarili ang layunin na magpakasal sa kanila pagkatapos ng kanilang '*iddah.*'

Batid ng Allâh (ﷻ) kung kayo ay bumabanggit ng hinggil sa mga babaing nasa kalagayan ng '*iddah*' at hindi ninyo matiis na tumahimik dahil sa inyong kahinaan, kung kaya ipinahihintulot sa inyong magsalita o bumanggit sa kanila sa hindi tuwirang pamamaraan o di kaya ay sarilinin na lamang ninyo ito sa inyong mga sarili. Magkagayunpaman, ingatan ninyong makipagkasundo ng pagpapakasal sa kanila nang lihim bilang paraan ng pakikiapid o nagkasundo kayong magpakasal habang sila ay nasa panahon pa ng '*iddah*' maliban na lamang sa pamamagitan ng magagandang pananalitang naaayon sa Islâmikong pamamaraan, na nagpapahiwatig ng inyong layuning pag-aasawa.

At huwag ninyong idaos ang kasal sa panahon ng '*iddah*' hanggang hindi pa ito natatapos. At dapat ninyong malaman na batid ng Allâh (ﷻ) kung ano ang nasa inyong kaisipan, kung kaya't matakot kayo sa Kanya. At dapat din ninyong mabatid na ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa sinumang pinagsisihan ang kanyang pagkakasala, na '***Haleem***' – Ganap at Napakalawak ang Kanyang Pang-unawa sa Kanyang mga alipin at hindi Siya kaagad nagpaparusa.

236. Hindi kasalanan sa panig ninyong mga kalalakihan kung hiniwalayan ninyo ang inyong mga asawa pagkatapos ng inyong kasal bago kayo nakasiping (o nakipagtalik) sa kanila o di kaya ay bago naitakda ang pagbibigay ng '*Mahr*,' subali't paligayahin ninyo sila sa pamamagitan ng pagbibigay ng anumang bagay na may halaga bilang pampalubag-loob, nang sa gayon ay maiwasan ang sama ng loob na naging sanhi ng paghihiwalay. Ang pagpapaligaya o pagbibigay ng regalo sa kanya ay nababatay sa kakayahan ng lalaking nakipaghiwalay bilang mabuting pamamaraang naaayon sa batas: kung ang lalaki ay mayaman, ito ay nababatay sa kanyang kakayahan at kung ang lalaki naman ay mahirap ay gayundin, nababatay rin sa kanyang kakayahan – bilang pagpapaligaya sa tamang pamamaraang legal. At ito ang karapatan ng mga gumagawa ng kabutihan para sa kanilang hiniwalayang asawa at para na rin sa kanilang sarili bilang pagsunod sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ).

237. At kapag hiniwalayan o diniborsiyo ninyo ang kababaihan pagkatapos ninyo silang pakasalan, nang hindi pa ninyo sila nahihipo (– hindi pa kayo nakipagtalik sa kanila), subali't naitakda na ninyo sa inyong mga sarili ang kaukulang halaga bilang '*Mahr*' nila, magiging obligado sa inyo kung gayon, na ibigay sa kanila ang kalahati nito na inyong napagkasunduan, maliban na lamang kung pagbibigyan kayo ng mga hiniwalayan ninyo at ibibigay nila ang kalahating ito sa inyo na sa halip ay para sa kanila; o di kaya ay ibibigay (na lamang) ng lalaki ang kabuuang '*Mahr*' sa babaing hiniwalayan.

At ang pagpapasensiya ninyo, kayong mga kalalakihan at kababaihan, ang mas malapit sa '*At-Taqwâ*' – pagkatakot at pagsunod sa Allâh (ﷻ). At huwag ninyong kalimutan, O kayong mga tao, ang karapatan ng inyong ugnayan at ang pagiging mabuti sa isa't isa sa kabila ng lahat ng ito, at sa pamamagitan ng pagbibigay ng anumang bagay na hindi naman obligado sa inyo at bilang pag-unawa (o pagbigay ng pasensiya) sa mga karapatan ng isa't isa.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakakakita sa lahat ng inyong mga ginagawa na walang anuman ang naililihim sa Kanya, kung kaya't hinihikayat Niya kayo sa paggawa ng mababuti at inuutusan Niya kayong maging mapagbigay.



238. At pangalagaan ninyo, O kayong mga Muslim, ang limang obligadong '*Salâh*' sa pamamagitan ng patuloy na pagsasagawa nito sa tamang oras, kalakip ang mga saligan ('*shurût*') nito, ang mga pundasyon ('*arkân*') at ang mga obligadong gawain ('*wâjibat*') nito.

At pangalagaan ninyo ang kalagitnaang '*Salâh*,' na '*Salâtul `Asr*' ('*Salâh*' sa hapon). At itatag (isagawa) ninyo ang mga pagsa-'*Salâh*' na ito, na may pagkamasunurin sa Allâh (ﷻ), pagkatakot at pagpapakumbaba.

239. At kung kayo ay natakot sa inyong mga kalaban (halimbawa ay may mga labanan o ibang situwasyon), mag-'*Salâh*' kayo ng '*Salâtul Khawf*,' naglalakad man o di kaya ay nakasakay; sa kahit na anong posisyong makakayanan ninyo, kahit na sa pamamagitan (halimbawa) ng senyas o kahit na hindi kayo nakaharap sa '*Qiblah*.' Subali't kapag nawala na ang inyong pagkatakot, ay mag-'*Salâh*' na kayo nang normal na walang pinangangambahan.

At alalahanin ninyo ang Allâh (ﷻ) habang ito ay inyong isinasagawa at huwag ninyong babaguhin ang tamang pamamaraan na mga orihinal nitong posisyon. At magpasalamat kayo sa Allâh (ﷻ) sa lahat ng itinuro Niya sa inyo na pamamaraan ng pagsamba at sa mga alituntunin na hindi ninyo batid.

240. Sa mga yaong namatay at naiwan nila ang kanilang mga asawa, naghabilin ang Allâh (ﷻ) sa inyo para sa kanilang mga nabiyudang asawa ng isang taon na panggastos mula sa araw ng kanilang pagkamatay, at matitirhang bahay ng kanilang asawa nang hindi sila maaaring paalisin ng tagapagmana sa loob ng isang taon. Isang taon bilang pampalubag-loob sa mga nabiyuda at pagiging mabuti sa namatay. At kapag umalis sila sa tinitirhan nilang tahanan batay sa kanilang kagustuhan bago natapos ang isang taon, wala kayong kasalanan na mga tagapagmana hinggil dito at wala ring kasalanan sa panig ng mga nabiyuda, kung anuman ang kanilang gagawin sa kanilang sarili na naaayon sa Kanyang mga ipinahihintulot. At ang Allâh (ﷻ) ang '***`Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno

ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang mga Kaharian, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pag-uutos at pagbabawal.

241. Para sa mga hiniwalayan o diborsiyada, ang para sa kanila ay ang anuman na kanilang pangangailangan sa kasuotan at mga panggastos na nasa makatarungan at tamang pamamaraan. Ito ay tungkulin ng sinumang may takot sa Allâh, sa Kanyang ipinag-utos at ipinagbawal.

242. Ganito kalinaw ang pamamahayag ng batas hinggil sa mga anak at asawa. Maliwanag na inihayag ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang mga talata at mga batas hinggil sa lahat ng inyong mga pangangailangan sa buhay ninyo rito at sa Kabilang-Buhay, nang sa gayon ay maunawaan ninyo ito at pagkatapos ay isagawa.

243. Hindi mo ba alam, O Muhammad (ﷺ), ang hinggil sa kuwento ng mga taong tumakas sa kanilang bayan at mga tahanan, sila ay libu-libo sa bilang, dahil sa natatakot silang mamatay sa salot o sa pakikipaglaban, kaya sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanila: "*Mamatay kayo*," at namatay sila nang sabay-sabay bilang parusa sa kanila sa ginawa nilang pagtakas mula sa itinakda ng Allâh (ﷻ)? At hindi nagtagal pagkatapos niyaon ay binuhay silang muli ng Allâh (ﷻ) upang mabuo nila ang nakatakdang buhay na para sa kanila (rito sa daigdig), para maging aral (na rin) sa kanila at upang sila ay magsisi.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay punung-puno ng kagandahang-loob para sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang mga masasaganang biyaya, subali't karamihan sa mga tao ay hindi marunong tumanaw ng utang na loob sa mga biyayang ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila.

244. Makipaglaban kayo, O kayong mga Muslim, sa mga walang pananampalataya (na kumakalaban sa Allâh) upang maitaguyod ang '*Deen*' ng Allâh. At dapat na mabatid ninyo, na ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee***`' – Ganap na Nakakarinig sa lahat ng inyong mga sinasabi, na '`***Aleem***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakaaalam ng anuman na inyong layunin at mga ginagawa.

245. Sino ba sa inyo ang gagasta sa Daan ng Allâh (ﷻ) sa tamang pamamaraan bilang paghahangad ng gantimpala, upang ito ay paramihin para sa kanya nang maraming beses at walang sinuman ang maaaring makabilang ng gantimpalang ito, isang napakabuting kapalit o panumbas? At ang Allâh (ﷻ), hinihigpitan Niya ang kabuhayan ng sinuman na Kanyang nais sa Kanyang mga alipin at niluluwagan naman Niya ang iba. Kaya't gumasta kayo nang wala kayong inaalaalang anupaman sapagka't Siya ang nagbibigay ng kabuhayan.

Nasa Kanya ang buong karunungan hinggil dito at sa Kanya lamang kayo magbabalik pagkatapos ng inyong kamatayan upang pagbayarin sa inyong mga nagawa.

246. Hindi mo ba alam, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento hinggil sa mga matataas na angkan at kilalang grupo mula sa angkan ni Isrâ`il, pagkatapos ng kapanahunan ni Mousã (عليه السلام)? Noong hiniling nila sa kanilang Propeta na magtalaga sa kanila ng hari, at makikiisa sila sa ilalim ng kanyang pamumuno, at lalabanan nila ang kanilang kalaban sa Daan ng Allâh.

Sinabi sa kanila ng kanilang Propeta: "*Ang mangyayari ba ay katulad ng aking inaasahan*, *na kapag ipinag-utos sa inyo ang pakikipaglaban sa Daan ng Allâh ay hindi kayo makikipaglaban? Sapagka't sa katunayan*, *inaasahan ko na ang pagiging duwag ninyo at pag-iwas sa pakikipaglaban*."

Sinabi nila, bilang pagtanggi sa inaasahan ng kanilang Propeta: "*Ano ang makapipigil sa amin sa pakikipaglaban sa Daan ng Allâh gayong pinaalis kami ng aming mga kalaban mula sa aming mga tahanan at inilayo kami sa aming mga pamilya sa pamamagitan ng pagpatay sa iba at pagbihag naman sa iba?*"

Subali't nang iniutos na sa kanila ng Allâh (ﷻ) ang pakikipaglaban kasama ang haring pinili Niya para sa kanila, naging duwag sila at umiwas sa pakikipaglaban, maliban na lamang sa mangilan-ngilan sa kanila, na naging matatag dahil sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ). At ang Allâh (ﷻ) ay '***`Aleem***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakaaalam sa mga gumagawa ng kasamaan at di-tumutupad sa pangako.

247. At sinabi sa kanila ng kanilang Propeta: "*Katiyakan*, *ipinadala ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo si Tâlût upang maging inyong hari*, *bilang pagtugon sa inyong kahilingan. Siya ang mamumuno sa inyo sa inyong pakikipaglaban sa inyong kaaway na tulad ng pagkakahiling ninyo*." Sinabi ng matataas mula sa mga angkan ni Isrâ`il: "*Paano siya magiging hari para sa amin gayong hindi naman siya karapat-dapat*, *dahil hindi siya nagmula sa lahi ng mga hari at hindi* (*rin*) *siya nanggaling sa tahanan ng pagiging Propeta at hindi* (*rin*) *siya binigyan ng maraming kayamanan upang maitaguyod niya ang kaharian? Samakatuwid*, *kami ang mas*

karapat-dapat na maging hari kaysa sa kanya dahil galing kami sa angkan ng mga hari at mula sa tahanan ng pagiging Propeta."

Sinabi sa kanila ng kanilang Propeta: "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay Siyang pumili sa kanya para sa inyo sapagka't Siya lamang ang Ganap na Nakaaalam ng kalagayan ng Kanyang mga alipin. Pinagkalooban siya ng malawak na kaalaman at malakas na pangangatawan upang mag-'Jihâd' sa kalaban.*

At ang Allâh (ﷻ) *ay Siyang Nagmamay-ari ng pagka-Hari. Ito ay Kanyang ipinagkakaloob sa sinumang Kanyang nais sa Kanyang mga alipin. At ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Wâsee***`' *– Sapat at Ganap na Tagapagtustos sa lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga nilikha na Ganap at Napakalawak ang Kanyang awa at kagandahang-loob*, *na* '`***Aleem***' *– Walang-Hanggan at Ganap na Nakaaalam ng katotohanan hinggil sa lahat ng bagay at walang anuman ang maililihim sa Kanya*.

248. At sinabi sa kanila ng kanilang Propeta: "*Katiyakan*, *ang tanda ng kanyang pagiging hari ay dadalhin sa inyo ang* '*Tâbût*' (*kahong gawa sa kahoy*) *na ang nasa loob ay ang* '*Tawrah*,' *at ito ay inagaw sa inyo ng inyong mga kalaban at ito ay nagtatangan ng kapanatagan mula sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha upang maging panatag ang kalooban ng mga dalisay ang kanilang layunin. At napapaloob din sa kahong yaon ang ilan sa mga bagay na naiwanan ng mga pamilya ni Mousã* (عليه السلام) *at ni Hâroun* (عليه السلام), *katulad ng tungkod at mga putul-putol na Lapida* (*Tableta*) *na dinala ng mga anghel. Samakatuwid*, *ito ang matibay na palatandaan ng pagpili kay Tâlût bilang hari para sa inyo sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ), *kung kayo ay naniniwala sa Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang mga Sugo*."



249. Noong inilabas ni Tâlût ang kanyang mga sundalo upang makipaglaban sa mga higanteng tao, sinabi sa kanila: "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay susubukin kayo ng pagtitiis sa pamamagitan ng pagka-katagpo ninyo sa ilog na inyong tatawirin*, (*na sa pamamagitan nito*) *ay makikilala kung sino ang may paniniwala at kung sino ang mapag-kunwari. Samakatuwid*, *sinuman sa inyo ang iinom sa ilog na yaon ay hindi* (*nabibilang*) *sa aking* (*grupo*) *at hindi siya karapat-dapat na mag-'Jihâd' na kasama ko. At sino naman ang hindi titikim ng tubig* (*mula sa ilog*) *na yaon ay nabibilang sa aking* (*grupo*), *sapagka't yaon ang sumusunod sa aking kagustuhan*, *at siya ay karapat-dapat na mag-'Jihâd;' maliban sa sinumang pinahintulutang sumahod ng isang salok sa kanyang kamay*, *ang ganito* (*na ginawa niya*) *ay hindi isisisi sa kanya.*"

At noong sila ay nakarating sa ilog na yaon ay nagdagsaan sila sa tubig at naging labis-labis ang ginawa nilang pag-inom, maliban sa mangilan-ngilan na bilang sa kanila, na nakatiis sa uhaw at init; at naging sapat na lamang sa kanila ang isang salok sa kamay; at doon nagpaiwan ang mga lumabag.

At noong tumawid si Tâlût sa ilog kasama ang kaunting bilang ng mga mananampalataya para makipagsagupaan sa mga kalaban, at nakita nila ang dami at matitinding sandata ng kanilang mga kalaban. Sinabi nila: "*Wala tayo sa kakayahan ngayon kay Jâlût at sa kanyang malalakas na mga sundalo*." Subali't yaong naniniwala sa Allâh at nakatitiyak na makahaharap nila ang Allâh (ﷻ) ay sumagot at pinaalalahanan nila ang kanilang mga kapatid hinggil sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang kapangyarihan, at kanilang sinabi: "*Kadalasang ang maliliit na grupong naniniwala sa Allâh at nagtitiis ay nagagapi nila ang malalaking grupong mga masasamang walang pananampalataya*, *sa kapahintulutan ng Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang kagustuhan. At ang Allâh* (ﷻ) *ay nasa panig ng mga matiisin sa pamamagitan ng Kanyang gabay*, *tulong at mabuting gantimpala*."

250. At noong lumitaw sa kanila si Jâlût at ang kanyang mga sundalo at nakita ang panganib ng kanilang mga mata, agad-agad silang humarap sa Allâh (ﷻ) at nanalangin nang taimtim na may pagsusumamo at sinabi nila: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ipagkaloob Mo sa aming mga puso ang dakilang pagtitiis*, *patatagin Mo ang aming mga paa*, *at gawin Mong matatag sa pakikipaglaban sa mga kalaban*, *nang hindi uurong kahit na matindi ang labanan*, *at tulungan Mo kami at suportahan upang malupig namin ang mga walang pananampalataya.*"

251. Samakatuwid, natalo sina Jâlût (Goliath) sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at napatay ni Dâwood (David عليه السلام) si Jâlût na pinuno ng mga matatapang na kaaway. At ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) kay Dâwood (عليه السلام) pagkatapos nito ang kaharian, at pagiging Propeta sa mga angkan ni Isrâ`il, at itinuro sa kanya ng Allâh (ﷻ) ang mga kaalamang Kanyang ninais.

At kung hindi lamang sinanhi ng Allâh (ﷻ) na pangibabawin ang ilang mga tao[21] sa iba[22] ay masisira ang mundo, dahil sa ang magwawagi ay ang mga walang pananampalataya, at mangingibabaw ang mga naghimagsik sa Allâh (ﷻ) at masasama, subali't ang Allâh (ﷻ) ay Malawak ang Kanyang Pang-unawa at Punung-puno ng Kagandahang-loob sa lahat ng Kanyang mga nilikha.

252. Ito ang mga katibayang mula sa Allâh (ﷻ) at ng Kanyang mga palatandaang ikinukuwento sa iyo, O Muhammad (ﷺ), nang makatotohanan at katiyakang ikaw ay kabilang sa tunay na mga Sugo ng Allâh.

[21]Tumutukoy sa mga sumunod sa Allâh (ﷻ) at naniwala sa Kanya.
[22]Tumutukoy sa mga lumabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ), nagtambal o sumamba ng iba bukod sa Kanya.

253. Sila ang mga yaong iginagalang na Sugo – ang ilan sa kanila ay pinagkalooban Namin ng katangian na higit sa iba, ayon sa kung anumang biyaya na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila: mayroon sa kanilang kinausap ng Allâh (ﷻ), na tulad nina Mousã (عليه السلام) at Muhammad (ﷺ), na ito ay patunay para sa Allâh (ﷻ) ng Kanyang katangian ng pagsasalita, na nababatay sa Kanyang Kamaharlikaan.

At ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) kay `Îsã (Hesus عليه السلام) na anak ni Maryam (Maria) ang mga malilinaw na palatandaan at kamangha-manghang kapangyarihan na tulad ng pagpapagaling sa ipinanganak na mga bulag at sa mga ketongin sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ), at pagbuhay ng mga patay sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ) at sa pagtataguyod sa kanya ng '*Rûhul Qudus*' – Banal na Espiritu, – na si Anghel Jibril (عليه السلام).

At kung nanaisin lamang ng Allâh (ﷻ) na hindi magpatayan yaong mga dumating pagkatapos ng mga Sugo, pagkatapos dumating sa kanila ang mga malinaw na palatandaan, ay hindi sila magpapatayan. Subali't sila ay nagkaiba at hindi nagkakasundo sa isa't isa. Mayroon sa kanila na nananatili sa kanilang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at mayroon naman sa kanilang nagpupumilit na labagin ang Allâh o hindi naniwala.

At kung nanaisin lamang ng Allâh (ﷻ) na hindi sila magpatayan pagkatapos ng kanilang pagkakasalungatan ay hindi sila magpapatayan. Subali't ginagabayan ng Allâh (ﷻ) ang sinumang Kanyang nais upang sumunod at maniwala sa Kanya. At ibinababa Niya ang sinumang Kanyang nais; na kung kaya, ito ay lalabag at hindi maniniwala sa Kanya.

254. O kayong mga naniwala sa Allâh at naniwala sa Kanyang Sugo at sumunod sa Kanyang patnubay! Ibigay ninyo ang inyong mga '*Zakâh*' (obligadong kawanggawa) at gumasta mula sa ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa inyo bago dumating ang Araw ng Muling Pagkabuhay.

(Sa Araw na yaon ay) walang bentahang maaaring mapagkakakitaan at walang kayamanang maaaring ipanubos sa inyong mga sarili mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ), at wala ring kai-kaibigan sa Araw na yaon na maaaring magligtas sa inyo, at tagapamagitan na mamamagitan sa inyo upang mapagaan ang inyong kaparusahan. At ang mga walang pananampalataya sa Araw na yaon ay ang mga '*Dzâlimûn*' (gumawa ng kasamaan, lumabag at lumampas sa hangganang itinakda ng Allâh).

255. Ang Allâh (ﷻ)! Walang sinuman ang '*ilâh*' (diyos na sinasamba) o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya at walang karapat-dapat na dulutan ng pagpapakumbaba ng sinuman kundi Siya lamang; '***Al-Hay***' – ang Walang-Hanggang Buhay, nasa sa Kanya ang buong kahulugan ng pagkabuhay na angkop na angkop sa kanyang Kamaharlikaan. '***Al-Qayyum***' – Siya ang Tagapagtaguyod, Tagapagkaloob at Tagapangalaga sa lahat ng bagay.

Hindi Siya maaaring antukin at hindi rin Siya maaaring matulog. Ang lahat ng nasa mga kalangitan at kalupaan ay Siya ang Nagmamay-ari. Walang sinuman ang maglalakas-loob na mamagitan sa Kanya maliban sa Kanyang kapahintulutan. Saklaw ng Kanyang kaalaman ang lahat ng mga nilikha – ang mga nangyari, saka ang nangyayari, at pati na rin ang mga mangyayari pa lamang. Batid Niya ang lahat ng bagay sa Kanyang mga nilikha – ang mangyayari sa hinaharap nila at sa kung ano ang mga pangyayari ng nakalipas.

At walang sinuman sa Kanyang mga nilikha ang nakababatid ng anuman mula sa Kanyang kaalaman maliban na lamang sa kung ano ang Kanyang itinuro at ipinabatid sa kanila. Sakop ng Kanyang '*Kursi*' ang mga kalangitan at ang buong kalupaan, na ang '*Al-Kursi*' ay lalagyan ng Kanyang dalawang paa[23] at walang sinumang Nakaaalam kung paano ang mga katangiang ito bukod sa Kanya. At walang kahirap-hirap para sa Kanya ang pangangalaga ng mga ito (ng mga kalangitan at kalupaan). At Siya ay '***Al-`Alee***' – ang Kataas-taasan sa Kanyang sarili at sa Kanyang mga katangian; na Siya ay nasa ibabaw ng lahat ng Kanyang mga nilikha. At '***Al-`Adzeem***' – nasa Kanya ang kabuuan ng lahat ng pinakadakilang Katangian at pagiging ganap at buong Kataas-taasan.

[23]Ang Allâh (ﷻ) ay nagtataglay ng ganitong katangian na batay sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan. Para sa karagdagang kaalaman, mangyari lamang ay tingnan ang ilang paliwanag hinggil sa mga katangian ng Allâh (ﷻ) sa Talata bilang 210, *footnote* (o talababa) bilang 16, pahina 68-69.

Ang talatang ito ang pinakadakilang '*Âyah*' sa Dakilang Qur'ân na tinatawag na '*Âyatul Kursi*.'[24]

256. Dahil sa kaganapan ng '*Deen*' at sa mga malinaw na kapahayagan ay hindi na kinakailangan pang pilitin ang iba upang ito ay kanyang tanggapin. Dahil ang mga palatandaan nito ay malinaw na inihihiwalay ang katotohanan sa kamalian, patnubay mula sa pagkaligaw. Kung kaya, sinuman ang hindi naniwala sa lahat ng sinasamba bukod sa Allâh, na samakatuwid ay naniwala sa Allâh (ﷻ), siya ay mananatiling matuwid sa Tamang Landas, at pinanghahawakan niya ang '*Deen*' sa mahigpit na kaparaanan at hindi na siya maihihiwalay pa (sa '*Deen*' na) ito.

At ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee`***' – Ganap na Nakakarinig sa lahat ng mga sinasabi ng Kanyang mga alipin, na '***`Aleem***' – Walang-Hanggang Nakaaalam at Ganap na Nakababatid sa lahat ng kanilang mga gawa at layunin, at sila ay papagbabayarin ayon dito.

[24]Iminumungkahi sa lahat na isaulo ito at unawaing mabuti ang mga kahulugan nito at isapuso, sapagka't sinuman ang bibigkas nito nang taos-puso ay magkakamit ng mga kapakinabangan, na tulad halimbawa ng pagbigkas nito bago matulog sa gabi ay magtatalaga ang Allâh (ﷻ) ng bantay (anghel) para sa kanya sa buong magdamag at walang pinsala na mangyayari sa kanya at hindi siya lalapitan ng '*Shaytân*,' at ang ilan pa sa kapakinabangan nito ay kapag binigkas ito sa umaga ay pangangalagaan siya sa buong maghapon, at kapag binigkas ito sa gabi ay pangangalagaan siya sa buong magdamag, at kapag siya ay namatay ay diretso siya sa '*Al-Jannah*.' Ito ay kabilang sa mga itinuro ni Propeta Muhammad (ﷺ) at kanyang sinang-ayunan, batay sa pagkakasalin ng kahulugan. Sa di nakaaalam ng wikang '*Arabic*,' ganito ito bibigkasin:

"*Al-lâ-hu lã i-lâ-ha il-lâ hu-wal hay-yul qay-yûm. Lâ ta`khu-dhu-hû, si-na-tow wa lâ naw-m. La-hû, mâ-fis sa-mâ-wâ-ti wa mâ fil-ardh. Man(g) dhal-la-dhî yash-fa-`u `in-da-hû, il-lâ-be idh-nih. Ya-`la-mu mâ bay-na ay-di-him wa mâ khal-fa-hum. Wa lâ yu-hî-tû-na bi-shay-im min `il-mi-hî, il-lâ bi-mâ shã. Wa si-`a kur-sî-yu-hus sa-mâ-wâ-ti wal-ardh. Wa lâ ya-u-du-hû, hif-dzu-hu-mâ w a hu-wal `a-lî-yul `a-dzeem.*"



257. Ang Allâh (ﷻ) ang Tagapagtaguyod ng mga naniwala sa pamamagitan ng Kanyang tulong, gabay at pangangalaga. Iniaalis sila mula sa kadiliman ng pagtanggi sa katotohanan patungo sa liwanag ng pananampalataya sa Allâh (ﷻ). Subali't sa mga hindi naniwala, ang kanilang tagapagtaguyod at katulong ay ang kanilang mga iniidolo at mga sinasamba bukod sa Allâh. Inilalabas sila mula sa liwanag ng '*Eemân*' (Pananampalataya) patungo sa kadiliman ng paglabag sa Kanya. Sila ay maninirahan sa Apoy at mananatili roon magpasawalang-hanggan.

258. Nakita mo ba, O Muhammad (ﷺ), ang mga kataka-takang kaugalian ng nakipagtalo kay Ibrâhim (عليه السلام) hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang pagiging '*Rabb*' na Tagapaglikha? Dahil sa pinagkalooban siya ng Allâh (ﷻ) ng kaharian ay nagmataas na siya. Tinanong niya si Ibrâhim (عليه السلام): "*Sino ang iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha?*" Ang sagot ni Ibrâhim (عليه السلام): "*Ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay ang Siyang nagkakaloob ng buhay sa Kanyang mga nilikha nang sa gayon ay mabuhay ito*, *at nagsasanhi rin ng pagkawala ng buhay upang ito ay mamatay*; *na samakatuwid*, *Siya lamang ang Bukod-Tanging nagkakaloob ng buhay at kamatayan*." Sabi niya: "*Ako rin ay bumubuhay at pumapatay*, *pinapatay ko ang sinumang aking nais at pinananatili kong buhay ang sinumang aking nais*."

Sinabi naman sa kanya ni Ibrâhim (عليه السلام): "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *na aking sinasamba ay Siyang nagpapasikat ng araw mula sa silangan*, *kung gayon*, *kaya mo bang baguhin ang likas na nilikha ng Allâh*, *na ito ay iyong pasikatin mula sa kanluran?*"

Samakatuwid, nagapi nang ganap ang walang pananampalataya, wala man lamang siyang maibigay na katibayan. Ang kagaya niya ay katulad ng mga lumalabag sa kagustuhan ng Allâh, na hindi sila pinapatnubayan ng Allâh (ﷻ) tungo sa katotohanan.

259. O di kaya ay nakita mo ba, O Muhammad (ﷺ) ang katulad ng isang taong dumaan sa isang bayan, na giba-giba na ang kanilang mga tahanan at wala nang katau-tao? Sabi ng tao: "*Paano kaya bubuhayin ng Allâh* (ﷻ) *ang buong bayan pagkatapos mamatay ang mga tao rito?*"

Na kung kaya, sinanhi ng Allâh (ﷻ) na siya ay mamatay sa loob ng isang daang taon, pagkatapos ay ibinalik ng Allâh (ﷻ) ang kanyang kaluluwa sa kanya at nagpadala ang Allâh (ﷻ) ng magtatanong sa kanya at nagsabi: "*Gaano ka katagal na namatay sa lugar na ito?*" Sinabi niya: "*Nanatili ako ritong patay sa loob ng isang araw o bahagi lamang nito*." Sinabi sa kanya: "*Hindi* (*isang araw o bahagi lamang nito*), *kundi ikaw ay nanatili* (*ritong*) *patay sa loob ng isang daang taon*." At dito ay inutusan siyang pagmasdan ang kanyang pagkain at inumin, kung paano itong pinangalagaan ng Allâh (ﷻ) nang hindi nasira sa loob nang ganito katagal na panahon, at inutusan (din) siyang tingnan ang kanyang asno, kung paano ito bubuhayin ng Allâh (ﷻ) pagkatapos magkahiwa-hiwalay ang mga buto nito? At sinabi sa kanya: "*Gagawin ka Namin bilang tanda sa mga tao – malinaw na palatandaan sa kapangyarihan ng Allâh* (ﷻ) *at ng Kanyang kakayahang buhayin ang sinuman pagkatapos nitong mamatay*."

At inutusan (din) siyang pagmasdan ang mga buto ng kanyang hayop, kung paano ito pagdudugtung-dugtungin hanggang sa ito ay mabuo at pagkatapos nito ay dadamitan ang mga buto ng laman at pagkatapos ay ibabalik sa hayop na ito ang buhay.

Nang maging malinaw na sa kanyang paningin ang lahat, saka pa lamang siya naniwala sa Kadakilaan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang pagiging Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay. Pagkatapos siya ay naging tanda sa mga tao.



260. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang ginawang paghiling ni Ibrâhim (عليه السلام) mula sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na ipakita sa kanya kung papaano nangyayari ang Pagkabuhay na Mag-uli.

Sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanya: "*Bakit, hindi ka ba naniniwala?*" Sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام): "*Naniniwala ako, subali't nais ko lamang maragdagan ang kapanatagan ng aking kalooban*."

Sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanya: "*Kumuha ka ng apat na uri ng ibon at dalhin mo ang mga ito sa iyo, pagkatapos ay katayin mo ang mga ito at tadtarin. Pagkatapos ay paghiwa-hiwalayin mo ang mga bahagi nito sa* (*pamamagitan ng paglalagay ng mga ito sa*) *iba't ibang bundok at pagkatapos ay tawagin mo ang mga ito at mabilis itong darating sa iyo*." Kaya't tinawag ang mga ito ni Ibrâhim (عليه السلام) at biglang nagsaulian ang bawa't piraso ng mga ito at pagkatapos ay dumating sa kanya nang mabilisan. At dapat na mabatid mo na ang Allâh (ﷻ) ang '`***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan at walang sinumang maaaring makagapi sa Kanya; na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang salita, gawa, batas at pagtatakda.

261. At ang kabilang sa pinakamalaking kapakinabangan ng mga sumasampalataya sa Allâh ay ang paggasta sa Kanyang Daan. At ang katulad ng mga mananampalataya na ginagasta ang kanilang yaman sa Daan ng Allâh ay katulad ng isang butil na itinanim sa matabang kalupaan, pagkatapos sumibol ng tangkay ay nagkaroon ng pitong sanga at ang bawa't sanga ay nagbunga ng isang daang butil.

Ang Allâh (ﷻ), pinararami Niya ang Kanyang gantimpala sa sinumang Kanyang nais ayon sa paniniwala ng gumagasta at sa kalinisan ng kanyang kalooban. At sapat na ang Allâh (ﷻ) bilang Tagapagkaloob sa mga pangangailangan ng Kanyang mga nilikha at Siya ang '***Wâsee***`' – Sapat at Ganap na Tagapagtustos sa lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga nilikha na Ganap at Napakalawak ang Kanyang awa at kagandahang-loob na ipinagkakaloob Niya sa sinumang may

karapatan nito, na ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa mga layunin ng Kanyang mga alipin.

262. Yaong mga gumagasta ng kanilang mga kayamanan sa ‘*Jihâd*’ nang alang-alang sa Allâh (ﷻ), at sa lahat ng uri ng kabutihan, pagkatapos ay hindi nila sinusundan ng panunumbat at pananakit sa salita at sa gawa ang kanilang paggasta, na makapagpapahiwatig na sila ay nakaaangat sa kanilang tinulungan – ang para sa kanila ay dakilang gantimpala mula sa kanilang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha. At wala silang dapat na ipangamba sa kanilang kahihinatnan sa Allâh (ﷻ) at wala (rin) silang dapat na ikalungkot sa anumang kanilang naiwan dito sa mundo.

263. Ang mabuting salita at pagpapatawad sa taong nagpumilit na humingi ng limos sa kanya ay higit na nakabubuti kaysa sa pagbibigay ng ‘*Sadaqah*’ (kawanggawa) na may kasamang panunumbat at panlalait.

At ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Ghanee***’ – Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan na hindi nangangailangan ng anumang kawanggawa ng Kanyang alipin, na Siya ang ‘***Haleem***’ – Ganap at Napakalawak ang Kanyang Pang-unawa at hindi kaagad nagpaparusa.

264. O kayong naniwala sa Allâh at sa Kabilang-Buhay! Huwag ninyong sirain ang gantimpala ng mga ginasta ninyo sa pamamagitan ng panunumbat at anumang bagay na nakasasakit (*â–dhã*), na katulad ng pagbibigay ng yaman o salapi para lamang makita ng mga tao, nang sa gayon ay mapuri siya ng tao, gayong sa katotohanan ay hindi talaga siya naniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kabilang-Buhay, ang kagaya niya ay isang makinis na batong nabuhusan ng ulan, na kung kaya naalis ang mga alikabok na nasa ibabaw nito at ito ay bumalik sa pagiging makinis na walang nadikit dito.

Ito ang halimbawa ng nagbibigay ng mga kawanggawa para makita lamang ng tao – walang halaga ang kanilang ginawa sa paningin ng Allâh (ﷻ), at wala silang maaasahang gantimpala sa kanilang ginasta. At ang Allâh (ﷻ), hindi Niya ginagabayan ang mga walang pananampalataya sa pagtutuwid o pagwawasto ng kanilang kawanggawa at iba pa.



265. At ang katulad ng mga gumasta ng kanilang salapi, na ang tanging hangarin ay makamit ang pagmamahal ng Allâh (ﷻ), at sa kanilang mga sarili ay may katiyakang paniniwala na tutuparin ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang pangako, ang katulad nila ay isang malawak na harding nasa isang mataas at matabang lugar na lupain at ito ay binuhusan ng malakas na ulan upang mas lalo pang dumami ang mga bunga nito. Gayunpaman, kahit na ito ay hindi mabuhusan ng masaganang ulan ay magiging sapat pa rin ang mga patak ng ulan upang dumami ang mga bunga nito, at ganoon gumagasta ang mga malilinis ang kalooban.

Ito ay tinatanggap ng Allâh (ﷻ) at pinararami, maging ito man ay marami o kaunti, sapagka't ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Walang-Hanggang Nakaaalam at Ganap na Nakababatid ng anumang bagay na kinikimkim ng mga kalooban, na '***Baseer***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakakakita sa lahat ng bagay, nakalantad man o lihim. At ginagantimpalaan Niya ang bawa't isa ayon sa kalinisan ng kanyang kalooban.

266. Naghahangad ba ang isa sa inyo na magkaroon ng hardin na may mga prutas ng palmera ng datiles ('*thamr*' o '*dates*') at ubasan, na may umaagos na tubig-tabang (ilog) sa ilalim ng mga puno nito, at ang lahat ng iba't ibang uri ng prutas na naroroon ay para sa kanya, pagkatapos ay dumating sa kanya ang katandaan at hindi na niya nakayanang magtanim; samantalang ang kanyang mga anak ay maliliit at mahihina pa, na nangangailangan sa harding yaon, at sa ganitong pagkakataon ay inabot ng malakas na hangin na may kasamang apoy at ito ay nasunog?

At ganito ang nangyayari sa mga nagkakawanggawa na hindi malinis ang layunin – hindi taos-puso ang kanilang ginagawa. Sila ay darating sa Araw ng Muling Pagkabuhay na wala man lamang ni kaunting kabutihan.

At sa ganitong pagpapahayag ay ipinaliliwanag ng Allâh (ﷻ) ang anumang bagay na kapaki-pakinabang sa inyo, upang ito ay inyong mapag-isipan at nang sa gayon ay maging taos-puso ang pagbibigay ninyo ng kawanggawa.

267. O kayong mga naniwala sa Akin at sumunod sa Aking mga Sugo, gumasta kayo mula sa malinis na inyong pinagkakitaan at mula sa mga inani o sa mga bagay na ipinagkaloob Namin sa inyo na nasa kalupaan.

At huwag piliin yaong mga mababang uri mula rito, upang ito ang inyong ipamigay sa mga mahihirap, dahil kapag ito ang ibibigay sa inyo ay hindi rin naman ninyo ito tatanggapin, maliban na lamang kung ipipikit ninyo ang inyong mga mata habang tinatanggap ninyo ito, dahil sa ito ay mababang uri.

Paano ninyo naiibigan ang isang bagay na para sa Allâh (ﷻ), samantalang hindi ninyo naman ito naiibigan sa inyong mga sarili? At dapat ninyong mabatid na ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Ghanee***' – Tagapagkaloob ng kabuhayan para sa inyo at Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan na hindi nangangailangan ng anumang kawanggawa, na '***Hameed***' – karapat-dapat sa lahat ng papuri na Ganap na Pinupuri sa Kanyang mga katangian at sa Kanyang mga gawa sa lahat ng pagkakataon.

268. Ang pagiging maramot at pinipili ang mga hindi na niya nagugustuhan (na mga bagay), na siyang ibinibigay sa kawanggawa, ay kabilang kay '*Shaytân*' na siyang tumatakot sa inyo ng kahirapan (kapag kayo ay nagbigay), inaakit kayo sa pagiging maramot, inuutusan kayong gumawa ng pagkakasala at labagin ang Allâh (ﷻ); subali't ang Allâh (ﷻ) ay nangako sa inyo dahil sa inyong kawanggawa ng kapatawaran sa inyong mga kasalanan, at masaganang kabuhayan. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Wâsee***`' – Sapat at Ganap na Tagapagtustos sa lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga nilikha na Ganap at Napakalawak ang Kanyang awa at kagandahang-loob; na Siya ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam ng inyong mga gawa at layunin.

269. Ipinagkakaloob ng Allâh ang gabay sa pamamagitan ng salita at gawa sa sinumang Kanyang nais sa Kanyang mga alipin. Kung kaya, sinuman ang biniyayaan ng Allâh (ﷻ) ng ganitong gabay, ay napagkalooban siya ng masaganang kabutihan. At walang makakaalaala at makikinabang nito maliban sa mga nagmamay-ari ng kaisipan na binigyan ng liwanag ng Allâh (ﷻ) at patnubay mula sa Kanya.



270. At anumang inyong ginasta mula sa inyong salapi o anumang bagay, maging ito man ay marami o kakaunti bilang inyong kawanggawa sa paghahangad ng kaluguran ng Allâh (ﷻ), o inuubliga ninyo ang inyong mga sarili sa isang matapat na pangako, mapasalapi man ito o hindi, ang Allâh (ﷻ) ay Siyang Nakaaalam nito, dahil Siya ang Ganap na Nakababatid ng inyong mga layunin at katiyakan na kayo ay gagantimpalaan para rito. At sinuman ang pipigil sa karapatan ng Allâh (ﷻ), siya ay '*Dzâlim*' (masama); at ang masasama, samakatuwid, ay walang makakakampi upang pigilin ang kaparusahan ng Allâh.

271. Kung ilalantad man ninyo ang inyong mga kawanggawa ay mabuti rin, subali't higit na napakaganda kung ito ay maililihim ninyo at ibibigay sa mga mahihirap, nang sa gayon ay mailayo kayo sa pagiging mapagkunwari o pagpapakitang-tao ('*Ar-Riya*``). Ang pagbibigay ng kawanggawa nang taimtim ay nakabubura ng inyong kasalanan.

At ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya nang ganap ang inyong mga ginagawa, kahit na katiting na bagay, na walang anuman ang maililihim sa Kanya sa mga nangyayari sa inyo. At pagbabayarin Niya ang bawa't isa ayon sa kanyang nagawa.

272. Hindi mo pananagutan, O Muhammad (ﷺ), ang pagpapatnubay sa mga walang pananampalataya, subali't ang Allâh (ﷻ), binubuksan Niya ang kalooban ng sinumang Kanyang nais para sa Kanyang '*Deen*' at ginagabayan.

Kung ano man ang inyong ginasta mula sa inyong salapi, darating sa inyo ang gantimpala nito mula sa Allâh (ﷻ), at ang mga mananampalataya ay hindi gumagasta o nagkakawanggawa kundi sa pag-aasam na makita ang Mukha ng Allâh (ﷻ) sa Kabilang-Buhay at paghahangad sa kaluguran ng Allâh (ﷻ). At walang anuman na inyong ginagasta nang taimtim mula sa inyong kayamanan kundi ipagkakaloob sa inyo ang gantimpala nito nang buung-buo at walang labis.

At sa talatang ito, nagpapatunay na ang Allâh (ﷻ) ay mayroong Mukha na angkop sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan.

273. Ipagkaloob ninyo ang inyong mga kawanggawa sa mga mahihirap na mga Muslim na hindi kayang maglakbay para maghanap-buhay dahil sa pagiging abala nila sa '*Jihâd*' o pagpupunyagi sa Daan ng Allâh.

Iniisip ng sinumang hindi nakakikilala sa kanila, na sila ay hindi nangangailangan ng '*Sadaqah*' (kawanggawa) dahil sila ay hindi namamalimos. Subali't mababakas mo sa kanila ang kahirapan, gayong hindi sila nanghihingi sa mga tao kailanman. At kung sakaling sila ay gipit na gipit na, ay saka pa lamang sila manghihingi at kapag sila ay nanghingi, hindi sila nagpupumilit.

At anuman ang inyong ginugol mula sa inyong yaman sa Daan ng Allâh, ay hindi mailililihim sa Allâh (ﷻ) ang kahit na anuman mula rito. At walang pag-aalinlangan, gagantihan Niya kayo nang ganap na gantimpala at ito ay makakamit ninyo nang buung-buo sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

274. Ang mga yaong gumagasta ng kanilang mga kayamanan, sa gabi at araw, sa paghahangad ng kaluguran ng Allâh (ﷻ), palihim man o lantaran, ang para sa kanila ay gantimpala mula sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

At wala silang dapat na ipangamba sa pakikipagharap nila sa Allâh (ﷻ) at sa paglisan nila sa mundong ito. At wala rin silang dapat na ikalungkot sa kung anuman ang hindi nila nakamtan sa makamundong buhay.

Ito ang batas ng Allâh (ﷻ) na Ganap na Maalam, na siyang mga alituntunin ng Islâm hinggil sa paggasta upang tugunan ang pangangailangan ng mga mahihirap sa marangal at mataas na pamamaraan; at para linisin ang yaman ng mga mayayaman; at nang sa gayon ay maisakatuparan ang pagtutulung-tulungan sa kabutihan, at pagkatakot sa Allâh (ﷻ) bilang paghahangad na makita ang Mukha ng Allâh (ﷻ). Sa paksang ito na pagbibigay ng kawanggawa ay walang sapilitan.

الَّذِينَ يَأْكُلُونَ الرِّبَوٰا۟ لَا يَقُومُونَ إِلَّا كَمَا يَقُومُ الَّذِى
يَتَخَبَّطُهُ الشَّيْطَٰنُ مِنَ الْمَسِّ ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ قَالُوٓا۟ إِنَّمَا الْبَيْعُ
مِثْلُ الرِّبَوٰا۟ ۗ وَأَحَلَّ اللَّهُ الْبَيْعَ وَحَرَّمَ الرِّبَوٰا۟ ۚ فَمَن جَآءَهُۥ مَوْعِظَةٌ
مِّن رَّبِّهِۦ فَٱنتَهَىٰ فَلَهُۥ مَا سَلَفَ وَأَمْرُهُۥٓ إِلَى اللَّهِ ۖ وَمَنْ عَادَ
فَأُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٢٧٥﴾ يَمْحَقُ
ٱللَّهُ الرِّبَوٰا۟ وَيُرْبِى الصَّدَقَٰتِ ۗ وَاللَّهُ لَا يُحِبُّ كُلَّ كَفَّارٍ أَثِيمٍ ﴿٢٧٦﴾
إِنَّ الَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ الصَّٰلِحَٰتِ وَأَقَامُوا۟ الصَّلَوٰةَ
وَءَاتَوُا۟ الزَّكَوٰةَ لَهُمْ أَجْرُهُمْ عِندَ رَبِّهِمْ وَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ
وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٢٧٧﴾ يَٰٓأَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّقُوا۟ اللَّهَ
وَذَرُوا۟ مَا بَقِىَ مِنَ الرِّبَوٰٓا۟ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٢٧٨﴾ فَإِن لَّمْ تَفْعَلُوا۟
فَأْذَنُوا۟ بِحَرْبٍ مِّنَ اللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ۖ وَإِن تُبْتُمْ فَلَكُمْ رُءُوسُ
أَمْوَٰلِكُمْ لَا تَظْلِمُونَ وَلَا تُظْلَمُونَ ﴿٢٧٩﴾ وَإِن كَانَ
ذُو عُسْرَةٍ فَنَظِرَةٌ إِلَىٰ مَيْسَرَةٍ ۚ وَأَن تَصَدَّقُوا۟ خَيْرٌ لَّكُمْ
إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٢٨٠﴾ وَٱتَّقُوا۟ يَوْمًا تُرْجَعُونَ فِيهِ إِلَى
ٱللَّهِ ثُمَّ تُوَفَّىٰ كُلُّ نَفْسٍ مَّا كَسَبَتْ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿٢٨١﴾

275. Yaong mga nakikipagkalakalan sa pamamagitan ng '*Ribâ'* (patubuan o interes), hindi sila makatatayo sa Araw ng Muling Pagkabuhay mula sa kanilang mga libingan, kundi katulad sila ng tao na nasaniban ng '*Shaytân*' sa pagkabaliw, ito ay sa kadahilanang sinabi nila, na ang pangangalakal ay katulad ng '*Ribâ*' na parehong legal (at ipinahihintulot), sapagka't ito ay nagpapalago (rin naman) ng salapi o kayamanan, subali't ito ay pinasinungalingan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang ipinaliliwanag na Siya: "*Ipinahintulot Niya ang pangangalakal at ipinagbawal Niya ang Ribâ*;" dahil sa ang pangangalakal ay napapakinabangan ng bawa't isa at nang maramihan, gayong ang '*Ribâ*' ay pagsasamantala at pagkawasak.

Na kung kaya, sinuman ang inabutan ng (kapahayagan hinggil sa) pagbabawal ng '*Ribâ*' (at pagkatapos ay itinigil niya ito), hindi siya paparusahan sa kanyang nakaraang nagawa – noong hindi pa dumating sa kanya ang pagbabawal, at ang Allâh (ﷻ) ay Siyang bahala sa kanya at sa kanyang hinaharap kapag siya ay tuluyang nagsisi, dahil hindi binabalewala ng Allâh (ﷻ) ang pagbibigay ng gantimpala sa mga mababuti; gayunpaman, sinuman ang bumalik sa ganitong paraan (*Ribâ*) at pinagpatuloy pa rin niya (ang patubuan) kahit na dumating na sa kanya ang (kapahayagan hinggil sa) pagbabawal ng '*Ribâ*' o interes; samakatuwid, siya ay karapat-dapat na parusahan at wala na siyang dapat pang ikatwiran. Na kung kaya, sila ang mga tao para sa Impiyerno, doon ay mananatili sila magpasawalang-hanggan.

276. Wawasakin ng Allâh (ﷻ) ang '*Ribâ*' at aalisan Niya ito ng biyaya, samantalang ang mga nagbibigay ng kawanggawa ay ginagantimpalaan Niya nang patung-patong at binibiyayaan Niya ang kanilang mga kayamanan. At ang Allâh (ﷻ) ay hindi nagmamahal sa sinumang nagpupumilit sa kanyang pagtanggi, na ipinahihintulot ang pagkain ng '*Ribâ*,' at patuloy na nalululong sa kasalanan, sa ipinagbabawal at sa mga paglabag sa Allâh (ﷻ).

277. Katiyakan, yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kabilang-Buhay at gumawa ng mga mababuting gawa, ginagampanan ang pagsa-'*Salâh*' ayon sa pagkakautos ng

Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo, at ibinibigay nila ang '*Zakâh*' (obligadong kawanggawa) mula sa kanilang mga yaman, ang para sa kanila ay dakilang gantimpala sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na Siyang nagkakaloob ng kabuhayan sa kanila. Wala silang dapat ipangamba sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at wala silang dapat ikalungkot sa anumang hindi nila nakamtan sa makamundong buhay.

278. O kayong mga naniwala sa Allâh at sinunod ninyo ang Kanyang Sugo! Katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) at huwag na ninyong galawin ang anumang natira mula sa kapital na inyong kinita sa '*Ribâ*,' na ito ay ginagawa ninyo bago dumating ang pagbabawal hinggil sa patubuan. (Huwag na ninyo itong galawin), kung kayo ay makatotohanan sa inyong paniniwala sa salita at sa gawa.

279. Kung hindi ninyo ititigil ang ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) sa inyo, tiyakin ninyo ang pakikipaglaban ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo sa inyo, maliban sa kung kayo ay manumbalik sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at iniwasan ang pagkain ng '*Ribâ*,' gayong para sa inyo pa rin (naman) ang anuman na inyong ipinautang na salapi, kaya nga lamang ay wala na itong tubo. Nang sa gayon ay wala kayong madayang sinuman, sa pamamagitan ng pagkuha nang labis kaysa sa inyong ipinautang (– wala kayong maaagrabyadong sinuman sa pamamagitan ng pagsingil na may patong [interes] sa kanilang mga inutang) at hindi (rin) kayo maaagrabyado sa pamamagitan ng pagbawas sa inyong ipinautang.

280. Kung hindi pa kayang magbayad ang nakautang sa inyo, pagbigyan ninyo sila hanggang sa sila ay makaluwag-luwag at hanggang sa pagkalooban sila ng Allâh (ﷻ) ng kabuhayan nang sa gayon ay mabayaran kayo.

Subali't kapag hindi na ninyo pinagbayad ang nagkautang sa inyo, mas makababuti ito para sa inyo, kung batid lamang ninyo kung gaano ito kaganda, sapagka't ito ay higit na nakababuti sa inyo rito (sa daigdig) at sa Kabilang-Buhay.

281. O kayong mga tao! Katakutan ninyo ang Araw na kayo ay ibabalik sa Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At kayo ay haharap sa Kanya para sa Paghuhukom at pagbabayaran ng bawa't isa sa inyo kung ano ang kanyang nagawa – mabuti man ito o masama, nang walang anumang pandaraya.

Ang talatang ito ay nagpapahiwatig hinggil sa pag-iwas sa lahat ng mga ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) na tulad ng pagpapautang na may tubo, hinihimok ang taong magpakatatag at gawin niyang buo at ganap ang kanyang '*Eemân*' (pananampalataya) at isagawa ang mga panuntunan nito, na tulad ng pagsa-'*Salâh*,' pagbibigay ng '*Zakâh*' (obligadong kawanggawa) at pagsasagawa ng mga mababuting gawa.



282. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ), kapag kayo ay nakipagkasundo hinggil sa pagpapautang at itatakda ang bayaran, magkaroon kayo ng kasulatan, nang sa gayon ay mapangalagaan ang kayamanan at nang walang mapag-aawayan. Ang nararapat na gumawa ng kasulatan ay isang taong mapagkakatiwalaan at may malakas na memorya. Na kung kaya, sino man ang pinagkalooban ng kagalingan sa pagsusulat ay hindi maaaring tanggihan ang bagay na ito. At sa nagkautang naman, ididikta niya ang halaga ng kanyang nautang sa tagasulat at nararapat na magkaroon siya ng takot sa Allâh (ﷻ) na hindi siya maaaring mandaya nang kahit na kaunti.

Kung ang nagkautang ay hindi na pinahihintulutang mangasiwa sa kanyang mga kayamanan dahil (halimbawa) sa kanyang pagiging bulagsak o labis na pag-aaksaya (o hindi na niya ginagamit sa tamang pamamaraan ang kanyang kayamanan dahil sa nagkaroon siya ng kakulangan sa pang-unawa); o di kaya ay wala pa siya sa wastong gulang; o di kaya ay nasiraan siya ng bait; o di kaya ay hindi na niya kayang magsalita dahil sa siya ay napipi; ang magdidikta para sa kanya kung gayon ay ang kanyang '*wali*' (tagapag-alaga), at kumuha kayo ng dalawang saksing lalaking Muslim na nasa wastong gulang at wastong kaisipan mula sa mga makatarungang tao.

Kung hindi kayo makakukuha ng dalawang lalaki na sasaksi sa inyo, maaari ring isang lalaki lamang at dalawang babae na katanggap-tanggap ang kanilang pagsaksi para sa inyo, dahil sa kapag nakalimutan ng isa sa dalawang babae, ay mapapaalalahanan siya ng pangalawa, at hindi nararapat na tumanggi ang mga saksi kapag sila ay tinawag upang magpatotoo. Ito ay tungkulin nilang dapat isagawa lalung-lalo na kapag kinakailangan sila bilang tagapagpatibay.

Hindi kayo dapat na mabahala sa pagsusulat ng kontratang ito, maging ito man ay maliit o malaki, para sa itinakdang panahong bayaran nito. Sapagka't ito ang pinakamakatarungan bilang batas ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang patnubay. Isang dakilang pagtataguyod para maisagawa ang pagtestigo at nang sa gayon ay

mailayo sa pag-aalinlangan ang lahat ng uri ng pagkakautang, sa laki (man ng halaga nito) at sa panahong itinakda nito. Magkagayunpaman, kung ito ay nauukol sa pang-araw-araw na bilihan, tulad ng mga kalakal o paninda at pagkatapos ay magbabayaran kaagad, hindi na ito kinakailangan pang isulat.

Subali't kanais-nais na magpatestigo kapag ito ay kinakailangan, nang sa gayon ay maiwasan ang hindi pagkakasundo (sa isa't isa). Tungkulin (naman) ng saksi at tagasulat na isagawa ito sa tamang pamamaraan at isulat na tulad ng ipinag-utos ng Allâh (ﷻ), at hindi rin maaari sa nagpautang at saka sa pinautang na ipahamak ang testigo at tagasulat.

At kapag ginawa ninyo ang ipinagbabawal na ito sa inyo, samakatuwid, ito ay paglabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at ang kaparusahan nito ay tiyak na darating sa inyo. Katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa lahat ng ipinag-uutos Niya sa inyo at sa lahat ng Kanyang mga ipinagbabawal. At tuturuan kayo ng Allâh (ﷻ) hinggil sa lahat ng makakabuti sa inyo, dito sa mundo at sa Kabilang-Buhay. At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakaaalam ng lahat ng bagay, at walang maililihim sa Kanya na anuman sa inyong ginagawa at sa pamamagitan nito kayo tutumbasan.


وَإِن كُنتُمْ عَلَىٰ سَفَرٍ وَلَمْ تَجِدُوا كَاتِبًا فَرِهَانٌ مَّقْبُوضَةٌ ۖ
فَإِنْ أَمِنَ بَعْضُكُم بَعْضًا فَلْيُؤَدِّ الَّذِي اؤْتُمِنَ أَمَانَتَهُ وَلْيَتَّقِ
اللَّهَ رَبَّهُ ۗ وَلَا تَكْتُمُوا الشَّهَادَةَ ۚ وَمَن يَكْتُمْهَا فَإِنَّهُ
آثِمٌ قَلْبُهُ ۗ وَاللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ عَلِيمٌ ﴿٢٨٣﴾ لِّلَّهِ مَا فِي السَّمَاوَاتِ
وَمَا فِي الْأَرْضِ ۗ وَإِن تُبْدُوا مَا فِي أَنفُسِكُمْ أَوْ تُخْفُوهُ
يُحَاسِبْكُم بِهِ اللَّهُ ۖ فَيَغْفِرُ لِمَن يَشَاءُ وَيُعَذِّبُ مَن يَشَاءُ ۗ
وَاللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿٢٨٤﴾ آمَنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنزِلَ
إِلَيْهِ مِن رَّبِّهِ وَالْمُؤْمِنُونَ ۚ كُلٌّ آمَنَ بِاللَّهِ وَمَلَائِكَتِهِ وَكُتُبِهِ
وَرُسُلِهِ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ أَحَدٍ مِّن رُّسُلِهِ ۚ وَقَالُوا سَمِعْنَا
وَأَطَعْنَا ۖ غُفْرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيْكَ الْمَصِيرُ ﴿٢٨٥﴾ لَا يُكَلِّفُ
اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا ۚ لَهَا مَا كَسَبَتْ وَعَلَيْهَا مَا اكْتَسَبَتْ ۗ
رَبَّنَا لَا تُؤَاخِذْنَا إِن نَّسِينَا أَوْ أَخْطَأْنَا ۚ رَبَّنَا وَلَا تَحْمِلْ
عَلَيْنَا إِصْرًا كَمَا حَمَلْتَهُ عَلَى الَّذِينَ مِن قَبْلِنَا ۚ رَبَّنَا وَلَا
تُحَمِّلْنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِ ۖ وَاعْفُ عَنَّا وَاغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا ۚ
أَنتَ مَوْلَانَا فَانصُرْنَا عَلَى الْقَوْمِ الْكَافِرِينَ ﴿٢٨٦﴾

283. Kung kayo ay nasa paglalakbay at wala kayong makitang tagasulat, magbigay kayo sa uutangan ninyo ng anumang bagay bilang garantiya (‘*collateral*’), nang sa gayon ay mapangalagaan ang kanyang karapatan hanggang sa (dumating na) makabayad kayo ng pagkakautang sa kanya. Subali’t kung may tiwala naman (kayo) sa isa’t isa ay wala kayong kasalanan kung hindi na ninyo ito ipasulat, ipatestigo at wala nang garantiya. Ang uutanging salapi ay ipagkakatiwala na lamang ninyo sa taong uutang nito --- buung-buo itong ipagkakatiwala sa umutang, na samakatuwid ay tungkulin naman niya ang magbayad.

Maging maingat at matakot sa Allâh (ﷻ) na hindi niya dadayain ang kanyang inutangan, at kapag itinanggi ng umutang ang kanyang inutang at may nakasaksi sa kanilang usapan, nararapat na lumantad siya (ang nakasaksi) upang tumestigo at kung sinuman ang maglilihim nito, ituturing na marumi ang kanyang budhi at mandaraya. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam kung ano ang niloloob ng sinuman, Ganap na Nakababatid ng lahat ng inyong mga ginagawa at Siya ang makikipagtuos para rito.

284. Ang Allâh (ﷻ) ang Nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan at ang anumang mga nilalaman nito, Tagapangasiwa at Tagapangalaga. Walang anuman ang naililihim sa Kanya ---- isiwalat man ninyo kung ano ang nasa inyong mga sarili o itago man ito, ang lahat ng ito ay Nababatid ng Allâh (ﷻ), at tatawagin (huhukuman) kayo upang ito ay inyong panagutan sa Kanya. Pinatatawad Niya ang sinumang Kanyang nais at pinaparusahan Niya ang sinumang Kanyang nais. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Qadeer***’ – Ganap na Makapangyarihan na May Kakayahang gawin ang lahat ng bagay. Binubukod-tangi Niya ang mga Muslim at pagkatapos nito ay pinatatawad Niya ang kanilang mga maling naiisip at mga balakin mula sa kanilang kalooban. Ito ay ayon sa pagkakapahayag ni Propeta Muhammad (ﷺ).

285. Pinaniniwalaan nang buong katiyakan ng Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ) ang anumang ipinahayag sa kanya mula sa kanyang ‘*Rabb*’ na

Tagapaglikha; ganoon din ang mga mananampalataya, nakatitiyak din sila at gumagawa sila ayon sa Dakilang Qur'ân. Ang bawa't isa sa kanila ay naniwala sa Allâh (ﷻ) bilang kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at Siya ay sinasamba nila --- na nagtatangan ng dakila at ganap na mga katangian ayon sa Kanyang Kadakilaan at Kaganapan. Ang Allâh (ﷻ) ay may mararangal na mga anghel at nagpahayag ng mga Aklat, nagpadala (rin Siya) ng mga Sugo sa bawa't henerasyon ng sangkatauhan.

Kaming mga sumasampalataya, wala kaming ginagawang pagtatangi sa pagitan ng isa at iba pa mula sa Kanyang mga Sugo, sa halip ay pinaniniwalaan namin silang lahat. Sinabi ng Sugo at mga mananampalataya: "*Narinig namin*, *O aming* '*Rabb*,' *ang anumang ipinahayag Mo at ito ay aming sinusunod. Hinahangad namin sa pamamagitan ng Iyong kagandahang-loob ang Iyong pagpapatawad mula sa aming mga kasalanan*, *dahil Ikaw ang Nangangasiwa sa amin sa pamamagitan ng Iyong pagbibiyaya sa amin. At sa Iyo lamang kami patutungo at magbabalik.*"

286. Ang '*Deen*' ng Allâh (ﷻ) ay madali at walang kahirap-hirap. Na kung kaya, hindi ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin ang mga bagay na hindi nila makakayanan. Samakatuwid, sinuman ang gagawa ng mabuti ay magkakamit ng kabutihan; at sinuman ang gagawa ng masama, ay masama rin ang kanyang makakamit na kabayaran. "*O aming* '*Rabb!*' *Huwag Mo kaming parusahan sa anumang aming nakalimutan mula sa mga ipinag-utos Mo sa amin o sa mga pagkakamaling nagawa namin sa anumang Iyong ipinagbawal. O aming 'Rabb!' Huwag Mong ipapasan sa amin ang anumang mahirap na gawain*, *na tulad ng ipinapasan Mo sa mga masasamang tao na nauna sa amin bilang kaparusahan sa kanila. O aming* '*Rabb!*' *Huwag Mong ipapasan sa amin ang anumang bagay na hindi namin kaya mula sa Iyong mga ipinag-utos at* (*huwag Mo ring ipapasan sa amin ang anumang) pagsubok* (*na hindi namin kaya*). *Burahin Mo ang aming mga kasalanan at ilihim Mo ang aming mga pagkakamali. Ipagkaloob Mo sa amin ang Iyong kabutihan bilang Iyong awa at habag*, *dahil Ikaw ang Nagmamay-ari*, *Nagtatangan at Nangangasiwa sa amin. Tulungan Mo kami sa pakikipaglaban sa sinumang hindi naniwala sa iyong* '*Deen*' *at tumanggi sa Iyong Kaisahan at hindi naniwala sa pagiging Propeta ni Propeta Muhammad* (ﷺ) *at ipagkaloob Mo sa amin ang tagumpay dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.*"

سورة آل عمران 3

III – Sûrat Ãle `Imrân

[**Kabanata Ãle `Imrân** – Ang Pamilya ni `Imrân]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Alif-Lãm-Mĩm* – Ang mga titik na ito ng Alpabeto ng '*Arabic*' ay nauna nang ipinaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Siya ang Allâh (ﷻ)! '***Lâ i-lâ-ha il-la Huwa***' – walang sinuman ang '*ilâh*' (diyos na sinasamba) o bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya, '***Al-Hayyul-Qayyum***:' '***Al-Hayy***' – ang Walang-Hanggang Buhay, nasa Kanya ang buong kahulugan ng pagkabuhay na angkop na angkop sa kanyang Kamaharlikaan. '***Al-Qayyum***' – na Siya ang Tagapagtaguyod, Taga-pagkaloob at Tagapangalaga sa lahat ng bagay.

3-4. Ipinahayag Niya sa iyo, (O Muhammad ﷺ) ang Dakilang Qur'ân nang buong katotohanan at walang pag-aalinlangan na ang nasa loob nito ay nagpapatotoo sa mga naunang Aklat at sa mga Sugo.

At ipinahayag Niya ang '*Tawrah*' (Torah) kay Mousã (عليه السلام) at ang '*Injeel*' (Ebanghelyo) kay `Îsã (Hesus عليه السلام) bago ang pagkakapahayag ng Qur'ân, bilang patnubay sa mga may takot sa Allâh (ﷻ) tungo sa tamang pananampalataya, at pagtutuwid sa kanilang '*Deen*' at sa kanilang pamumuhay. At Kanyang ipinahayag ang pamantayan sa pagitan ng katotohanan at kamalian.

Katotohanan, ang mga yaong hindi naniwala sa ipinahayag na mga talata ng Allâh, ang para sa kanila ay masidhing kaparusahan. At ang Allâh (ﷻ) ang

‘***`Azeez***’ – Siya ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa lahat na walang sinuman ang makahihigit sa Kanya, na Siya ang maghihiganti sa sinumang tumanggi sa Kanyang mga matibay na katibayan at palatandaan, at sa Kanyang pagiging bukod-tangi na karapat-dapat na sambahin.

5. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), batid Niya ang lahat ng Kanyang mga nilikha at walang anumang bagay ang maililihim sa Kanya sa kalupaan at sa kalangitan, kakaunti man ito o marami.

6. Siya ang tanging Lumikha sa inyo sa sinapupunan ng inyong mga ina batay sa Kanyang kagustuhan: maging ito man ay lalaki o babae, maganda o pangit, sawi o matagumpay. ‘***Lâ i-lâ-ha il-la Huwa***’ – walang sinuman ang ‘*ilâh*’ (diyos na sinasamba) o bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya, ‘***Al-`Azeez***’ – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa lahat na walang sinuman ang makahihigit sa Kanya, na ‘***Al-Hakeem***’ – ang Ganap na Maalam sa Kanyang pag-aatas at pangangasiwa.

7. Siya ang nag-iisang nagpahayag sa iyo, (O Muhammad ﷺ) ng Dakilang Qur’ân, na ang nasa loob nito ay mga talata na mga malilinaw na palatandaan. Ito ang mga pundasyon ng Aklat na kapag may mga bagay na hindi nalilinawan, ito ang ginagamit na batayan, ito rin ang batayan sa mga bagay [na iniisip o inaakala ng tao] na may pagkakasalungatan, at naririto rin ang ibang mga talata na hindi tuwirang lantad ang kahulugan – na maaaring magtaglay ng ibang pakahulugan, – na ang mga ito ay mauunawaan lamang sa pamamagitan ng ibang mga talata na malilinaw, subali’t sa mga yaong ang puso ay may sakit na pagkaligaw dahil sa kanilang masamang layunin, ang sinusunod lamang nila ay ang mga ganitong uri ng talata na hindi lantad ang kahulugan, nang sa gayon ay makapagkalat sila ng mga pag-aalinlangan sa mga tao upang ang mga ito ay iligaw; at nagbibigay sila ng kanilang sariling pakahulugan na sang-ayon lamang sa kanilang maling paniniwala.

Walang sinuman ang nakaaalam ng tunay na mga kahulugan nito kundi ang Allâh (ﷻ) lamang. At yaong pinagkalooban ng malawak na kaalaman, kanilang sinasabi: “*Pinaniniwalaan namin ang buong Qur’ân na dumating sa amin na nagmula sa aming* ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha*, *ayon sa pagkakasalaysay ng Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad* (ﷺ).”

At ibinabatay nila ang anumang hindi lantad na mga kahulugan sa mga lantad na kahulugan; na kung kaya, ang tanging makaiintindi lamang at makapagsusuri ng mga kahulugan nito sa tamang pananaw ay ang sinumang pinagkalooban ng dalisay at matutuwid na pag-iisip.

8. At sinasabi nila: "*O Allâh na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Huwag Mong ilihis ang aming mga puso mula sa paniniwala sa Iyo pagkatapos Mong ipagkaloob sa amin ang Iyong gabay para sa Iyong* '*Deen*,' *at ipagkaloob Mo sa amin mula sa Iyong kagandahang-loob ang malawak Mong biyaya at awa dahil sa katotohanan Ikaw ay* '***Al-Wahhâb***' *– ang Ganap at Masaganang Tagapagkaloob ng mga kagandahang-loob at biyaya na ito ay ipinagkakaloob Mo sa sinuman na Iyong nais nang walang hangganan*."

9. "*O Allâh na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Inaamin namin at tumitestigo kami na titipunin Mo ang lahat ng tao sa walang pag-aalinlangan na Araw --- ang Araw ng Muling Pagkabuhay. Katiyakan na hindi Mo nilalabag ang anuman na Iyong pangako sa Iyong mga alipin*."



10. Katiyakan, ang sinumang hindi naniwala sa katotohanan at ito ay kanilang tinanggihan, kailanman ay hindi sila magkakaroon ng pakinabang sa kanilang mga kayamanan ni sa kanilang mga anak, upang sila ay mailigtas sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay; at sila ay mga panggatong sa Impiyernong-Apoy sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

11. Ang katulad ng mga walang pananampalataya sa pagtanggi at pagpapasinungaling sa anumang ipinahayag sa kanila, ay katulad ng pag-uugali ng mga tauhan ni Fir`âwn (Pharaon) at saka ng mga walang paniniwala na nauna sa kanila.

Tinanggihan nila ang mga malinaw na palatandaan ng Allâh, na kung kaya, sila ay kaagad na pinarusahan ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang pagpapasinungaling at pagmamatigas. At ang Allâh (ﷻ) ay matindi sa Kanyang pagpaparusa sa sinumang hindi naniwala sa Kanya at sa nagpasinungaling sa Kanyang mga Sugo.

12. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), sa mga hindi naniwala mula sa mga Hudyo at iba pa, at sa mga minamaliit ang pagkapanalo sa Labanan sa Badr: "*Walang pag-aalinlangan na kayo* (*na mga Hudyo at iba pa*) *ay matatalo rito sa mundo at mamamatay na walang pananampalataya. At lilipulin kayo sa Impiyerno at ito ang inyong magiging tahanan magpasawalang-hanggan*, *na isang napakasamang paroroonan.*"

13. Katiyakan, may dakilang palatandaan para sa inyo na mapagmataas na mga Hudyo at mga tumanggi, hinggil sa dalawang grupo na nagtagpo sa Labanan sa Badr: grupo na nakipaglaban dahil sa '*Deen*' ng Allâh --- at sila ay sina Muhammad (ﷺ) at ang kanyang mga '*Sahâbah*' (kasamahan), at ang isang grupo naman ay ang mga walang pananampalataya sa Allâh, na nakipaglaban dahil sa kamalian. Nakikita nila (ng mga walang pananampalataya) mismo (sa pamamagitan) ng kanilang mga mata, na ang mga mananampalataya ay doble sa kanilang bilang, na naging sanhi ng kanilang pagkapanalo (mananampalataya) sa kanilang kalaban.

At ang Allâh (ﷻ), itinataguyod Niya ang sinuman na Kanyang nais sa Kanyang mga alipin sa pamamagitan ng Kanyang tulong.

Sa pangyayaring ito, isang malaking aral sa sinumang tao na pinagkalooban ng matinong pag-iisip, na ginagabayan sila upang maunawaan nila ang batas ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang mga gawa.

14. Ginawang kahali-halina sa mga tao ang pagsunod sa kanilang mga pagnanasa at kagustuhan: mga babae, mga anak at maraming kayamanan na nagmumula sa mga ginto at pilak; at mga magagandang kabayo at mga inaalagaang hayop na tulad ng kamelyo, baka at kambing, at lupain na tinataniman.

Ito ang mga palamuti ng makamundong buhay at pansamantalang kaligayahan, subali't nasa Allâh (ﷻ) ang pinakamagandang patutunguhan at gantimpala na '*Al-Jannah*.'

15. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Sasabihin ko ba sa inyo ang nakahihigit na kabutihan kaysa sa mga palamuti ng makamundong buhay sa pananaw ng mga tao*, *na ito ay para sa sinuman na maingat at natatakot sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ) *---* (*ang nakahihigit na kabutihan kaysa sa mga palamuti ng makamundong buhay*) *ay ang mga hardin na may umaagos na mga ilog sa ilalim ng mga palasyo at puno nito. Sila ay mananatili roon magpakailanman.*

"*Ang para pa rin sa kanila ay mga asawang malilinis mula sa sanhi ng buwanang-dalaw* (*o regla*), *dugo na sanhi ng panganganak at masasamang pag-uugali.* (*At karagdagan*) *na para pa rin sa kanila na higit pa kaysa sa mga ito* (*na nabanggit*) *ay ang lubusang pagmamahal ng Allâh* (ﷻ) (*sa kanila*)."

At ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Walang-Hanggang Nakakakita, Ganap na Nakababatid ng anumang lihim ng Kanyang mga nilikha, Ganap na Nakaaalam ng lahat ng nangyayari sa kanila at sa pamamagitan nito sila ay gagantihan.

الجزء الثالث سورة آل عمران
الَّذِينَ يَقُولُونَ رَبَّنَآ إِنَّنَآ ءَامَنَّا فَٱغْفِرْ لَنَا ذُنُوبَنَا وَقِنَا
عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴿١٦﴾ ٱلصَّٰبِرِينَ وَٱلصَّٰدِقِينَ وَٱلْقَٰنِتِينَ
وَٱلْمُنفِقِينَ وَٱلْمُسْتَغْفِرِينَ بِٱلْأَسْحَارِ ﴿١٧﴾ شَهِدَ
ٱللَّهُ أَنَّهُۥ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةُ وَأُو۟لُوا۟ ٱلْعِلْمِ قَآئِمًۢا بِٱلْقِسْطِ ۚ
لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿١٨﴾ إِنَّ ٱلدِّينَ عِندَ
ٱللَّهِ ٱلْإِسْلَٰمُ ۗ وَمَا ٱخْتَلَفَ ٱلَّذِينَ أُو۟تُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ إِلَّا مِنۢ
بَعْدِ مَا جَآءَهُمُ ٱلْعِلْمُ بَغْيًۢا بَيْنَهُمْ ۗ وَمَن يَكْفُرْ بِـَٔايَٰتِ
ٱللَّهِ فَإِنَّ ٱللَّهَ سَرِيعُ ٱلْحِسَابِ ﴿١٩﴾ فَإِنْ حَآجُّوكَ فَقُلْ أَسْلَمْتُ
وَجْهِىَ لِلَّهِ وَمَنِ ٱتَّبَعَنِ ۗ وَقُل لِّلَّذِينَ أُو۟تُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْأُمِّيِّـۧنَ
ءَأَسْلَمْتُمْ ۚ فَإِنْ أَسْلَمُوا۟ فَقَدِ ٱهْتَدَوا۟ ۖ وَّإِن تَوَلَّوْا۟ فَإِنَّمَا
عَلَيْكَ ٱلْبَلَٰغُ ۗ وَٱللَّهُ بَصِيرٌۢ بِٱلْعِبَادِ ﴿٢٠﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ يَكْفُرُونَ
بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَيَقْتُلُونَ ٱلنَّبِيِّـۧنَ بِغَيْرِ حَقٍّ وَيَقْتُلُونَ
ٱلَّذِينَ يَأْمُرُونَ بِٱلْقِسْطِ مِنَ ٱلنَّاسِ فَبَشِّرْهُم
بِعَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٢١﴾ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ حَبِطَتْ أَعْمَٰلُهُمْ
فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْءَاخِرَةِ وَمَا لَهُم مِّن نَّٰصِرِينَ ﴿٢٢﴾

16. Yaong mga alipin na may takot sa Allâh (ﷻ), sinasabi nila: "*O Allâh na aming* '*Rabb!*' *Kami ay naniwala sa Iyo at sumunod sa Iyong Sugo na si Propeta Muhammad* (ﷺ). *Na kung kaya*, *patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan at iligtas Mo kami sa kaparusahan sa Impiyerno.*"[25]

17. Sila ang mga matiisin sa pamamagitan ng kanilang pagsunod, pag-iwas sa mga kasalanan, at sa mahihirap na pagsubok na itinakda ng Allâh (ﷻ) para sa kanila; at mga matatapat sa kanilang mga pananalita, mga gawa at ganap na pagsunod.

At ganoon din sa kanilang paggasta nang palihim at lantaran, sa Daan ng Allâh; at sa kanilang paghingi ng kapatawaran sa mga huling oras ng gabi, dahil (sa mga oras na) yaon ang malaking pagkakataon ng pagtanggap sa mga panalangin.

18. Tumitestigo ang Allâh (ﷻ) na Siya ang Bukod-Tangi na '*Ilâh*' o Diyos na karapat-dapat sambahin, na Siya lamang ang bukod-tangi na may karapatan nito; at kasabay ng Kanyang pagtestigo ay ang pagtestigo ng mga anghel; at maging yaong mga nagtatangan ng kaalaman ay sinaksihan ang napakadakilang bagay na ito --- ang Kanyang Kaisahan at sa Kanyang pananatili sa pagiging makatarungan sa Kanyang mga nilikha. Walang sinuman ang bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya, na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa lahat, na walang sinuman ang makapipigil sa anuman na Kanyang nais, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa anuman na Kanyang mga sinasabi at mga ginagawa.

19. Katiyakan, ang '*Deen*' na katanggap-tanggap sa Allâh (ﷻ) para sa Kanyang mga nilikha, na ito ang naging dahilan ng pagkakapadala Niya ng mga Sugo, at wala Siyang tatanggapin maliban (sa '*Deen*' na) ito. Ito ay ang *Al-Islâm*, ang pagsuko sa Kanya --- pagsuko sa Allâh (ﷻ) na Nag-iisa sa pamamagitan ng

[25]Bagama't maaari itong sabihin sa anumang wika na nais, magkagayunpaman, sa sinumang nais itong sabihin sa wikang '*Arabic*' ay ganito ito bibigkasin: **'***Rab-ba-nã in-na-nã â-man-nâ fagh-fer-la-nâ dhu-nu-ba-nâ wa qi-nâ `a-dhâ-ban-nâr.***'**

pagsunod at pagpapasailalim sa Kanya bilang pagsamba at pagiging alipin; at pagsunod sa lahat ng ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Kanyang mga Sugo sa bawa't panahon hanggang sa ito ay tinapos sa pamamagitan ni Propeta Muhammad (ﷺ). Na wala nang tatanggapin pa ang Allâh (ﷻ) na '*Deen*' sa kaninuman maliban sa '*Al-Islâm*,' na siyang dahilan ng pagkakapadala sa kanya (kay Propeta Muhammad ﷺ).

At hindi nangyari ang anumang pagkakasalungatan sa pagitan ng mga '*Ahlul Kitâb*' (mga taong nagtatangan ng mga naunang Kasulatan) – mga Hudyo at mga Kristiyano, hanggang sa sila ay nagkahiwa-hiwalay sa isa't isa sa maraming grupo (sekta), kundi pagkatapos nang lumitaw sa kanila ang katibayan sa pagkakapadala ng mga Sugo at pagkakapahayag ng mga Aklat; na ang dahilan ng kanilang pagkainggit at panibugho sa isa't isa ay dahil sa hangaring makamundo.

At sinuman ang sasalungat sa mga talata ng Allâh (ﷻ) na Kanyang ipinahayag bilang Kanyang mga Palatandaan, at katibayan ng Kanyang pagiging '*Rabb*' na Tagapaglikha at pagiging '*Ilâh*' na karapat-dapat sambahin, samakatuwid, walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ), mabilis Siyang tumuos at gagantihan sila sa anuman na kanilang nagawa.

20. Kung makikipagtalo sa iyo ang mga '*Ahlul Kitâb*,' O Muhammad (ﷺ), hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), pagkatapos mong iharap sa kanila ang mga katibayan, sabihin mo sa kanila: "*Ako ay taimtim na sumusuko sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at hindi ako sasamba ng iba kundi sa Kanya lamang*; *ganoon din ang mga sumunod sa akin na mga mananampalataya*, *taimtim sila sa Allâh* (ﷻ) *at sumusunod sa Kanya bilang mga Muslim*."

At sabihin mo sa kanila, ganoon din sa mga paganong Arabo at iba pa: "*Kapag isinuko ninyo ang inyong mga sarili at tinanggap ang Islâm*, *kayo ay nasa Matuwid na Landas*, *gabay at katotohanan. Subali't kapag kayo ay tumalikod*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang bahala na Makikipagtuos sa inyo. Ang tungkulin ko lamang ay ang pagpapahayag*, *at walang pag-aalinlangan na nagpahayag ako sa inyo at nagpakita ng katibayan.*" At ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakakakita sa Kanyang mga alipin at walang anumang bagay hinggil sa kanila ang maililihim sa Kanya.

21. Katiyakan, yaong tumanggi sa mga malinaw na palatandaan, at sa lahat ng mga dinala ng mga Sugo, at pinapatay nila ang mga Propeta ng Allâh bilang patunay ng kanilang sukdulang kasamaan, gayong wala naman silang karapatang pumatay, at pinapatay nila ang mga nag-uutos ng pagiging makatarungan at sumusunod sa Daan ng mga Propeta. Samakatuwid, ipamalita mo sa kanila ang masidhing kaparusahan.

22. Sila ang mga yaong nawalan ng saysay ang kanilang mga gawain dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay; at hindi tatanggapin sa kanila ang anumang kabutihan, wala rin silang tagapagtaguyod upang mailigtas nila ang kanilang mga sarili mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ).



23. Nakakita ka ba, O Muhammad (ﷺ) ng higit pang nakagugulat kaysa sa mga Hudyo na binahaginan ng Allâh (ﷻ) ng kasulatan, na alam nila na ang dala-dala mo ay katotohanan, na nag-aakay sa kanila tungo sa Aklat ng Allâh na Kabanal-banalan na Qur'ân, upang ayusin ang kanilang hindi pinagkakasunduan – ang pagtatalo sa isa't isa; subali't kapag ito ay hindi sumasang-ayon sa kanilang kagus-tuhan, tumatanggi ang karamihan sa kanila sa batas ng Allâh (ﷻ) dahil kinaugalian na nila ang tumanggi sa katotohanan?

24. At ang pagtanggi nilang ito sa katotohanan, ay dahil sa maling paniniwala ng '*Ahlul Kitâb*,' na sila raw ay hindi paparusahan ng Allâh (ﷻ) kundi sa mabibilang na mga araw lamang; at ang paniniwala nilang ito ang nagtulak sa kanila sa kanilang pagiging matapang sa paglabag sa Allâh (ﷻ) at panlalait sa Kanyang '*Deen*,' at pananatili nila sa kanilang '*deen*' o relihiyon na mali, na sa pamamagitan nito ay dinaya nila ang kanilang mga sarili.

25. Paano kaya ang mangyayari sa kanila (paano kaya ang magiging kalagayan nila), kapag sila ay tinipon na ng Allâh (ﷻ) upang pagbayarin, sa walang pag-aalinlangan na Araw, ang Araw ng Muling Pagkabuhay at makakamit ng bawa't isa ang ganap na kabayaran sa anuman na kanyang nagawa, na hindi sila dadayain?

26. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa pagharap mo sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha upang manalangin: "*O Allâh* (ﷻ) *na nagtataglay ng lahat ng Kaharian*, *Ikaw ang tanging nagkakaloob ng kaharian*, *yaman at pamamahala sa ibabaw ng kalupaan sa sinuman na Iyong nais mula sa Iyong nilikha*; *at kinukuha Mo ang kaharian sa sinuman na Iyong nais*, *at pinagkakalooban Mo ng kapangyarihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay ang sinuman na Iyong nais*, *at hinahamak Mo ang sinuman na Iyong nais. Nasa Iyong Kamay ang kabutihan. Katiyakan*, *Ikaw ang* '**Qadeer**' – *Walang-Hanggan at Ganap na Makapangyarihan na May Kakayahang gawin ang lahat ng bagay at walang sinuman ang makapipigil sa Iyo.*" Ang talatang ito ay patunay na ang Allâh (ﷻ) ay mayroong Kamay na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan.

27. At kabilang sa mga tanda ng kapangyarihan Mo, O Allâh (ﷻ) ay ipinapasok Mo ang gabi sa araw at ang araw ay ipinapasok Mo sa gabi, kaya minsan ito ay nagiging mahaba at minsan ito ay nagiging maikli; at inilalabas Mo ang may buhay mula sa patay na walang buhay, na katulad ng pananim mula sa butil, ng sumasampalataya mula sa lumalabag; at inilalabas Mo ang isang patay (na bagay) mula sa buhay na katulad ng paglabas ng itlog mula sa manok; at nagkakaloob Ka ng kabuhayan sa sinuman na Iyong nais mula sa Iyong nilikha nang walang hangganan.

28. Ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) sa mga mananampalataya na gawin nila bilang kanilang '*Awliyâ*`' (– taong pakamamahalin at gagawing tagapagtaguyod) ang mga walang pananampalataya, na ito ay mamahalin at tatangkilikin, na sa halip ay mananampalataya ang kanilang gawing '*Awliyâ*`,' at sinuman ang gumawa nito ay wala na siyang pag-asa pa na gabayan ng Allâh (ﷻ) sa anumang kaparaanan at tatanggihan siya ng Allâh (ﷻ).

Maliban lamang kung kayo ay mahihina na natatakot sa anumang panganib na magmumula sa kanila, na sa ganitong kadahilanan ay pinahihintulutan kayo na makipagpayapa sa kanila para maiwasan ang kanilang kasamaan hanggang sa kayo ay magkaroon ng lakas.

At binabalaan kayo ng Allâh (ﷻ) laban sa Kanyang Sarili hinggil sa Kanyang kaparusahan, na kung kaya, katakutan ninyo Siya; at sa Allâh (ﷻ) lamang na Nag-iisa at Bukod-Tangi, ang huling hantungan ng Kanyang mga nilikha para sa pagtutuos at pagkakamit ng kabayaran.

29. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga nananampalataya: "*Kung ilihim man ninyo ang anuman na nasa inyong kalooban na pakikipagsabwatan sa mga walang pananampalataya at pagtataguyod sa kanila o kung ito man ay inyong ilantad*, (*anuman ang inyong gawin*) *ay hindi* (*pa rin*) *ito maaaring mailihim sa Allâh* (ﷻ); *dahil Siya*, *nalalaman Niya ang anumang bagay at batid Niya ang mga nasa kalangitan at kalupaan*, *at Siya ang* '***Qadeer***' *– Walang-Hanggan at Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay.*"

30. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay na Araw ng Pagbabayad, matatagpuan ng bawa't isa ang anuman na kanyang nagawa na mabuti, ito ay nag-aabang sa kanya at ihaharap sa kanya ang kanyang gantimpala. Ang anumang nagawa niyang masama ay nag-aabang (rin) sa kanya at nanaisin niya na ito – ang kanyang nagawang masama ay mapalayo nang pagkalayu-layo mula sa kanya. Na kung kaya, paghandaan ninyo ang Araw na ito, katakutan ninyo ang galit ng Allâh (ﷻ) na Ganap at Walang-Hanggang Makapangyarihan.


الجزء الثالث — سورة آل عمران

يَوْمَ تَجِدُ كُلُّ نَفْسٍ مَّا عَمِلَتْ مِنْ خَيْرٍ مُّحْضَرًا وَمَا عَمِلَتْ
مِن سُوٓءٍ تَوَدُّ لَوْ أَنَّ بَيْنَهَا وَبَيْنَهُۥٓ أَمَدًۢا بَعِيدًا ۗ وَيُحَذِّرُكُمُ
ٱللَّهُ نَفْسَهُۥ ۗ وَٱللَّهُ رَءُوفٌۢ بِٱلْعِبَادِ ﴿٣٠﴾ قُلْ إِن كُنتُمْ تُحِبُّونَ ٱللَّهَ
فَٱتَّبِعُونِى يُحْبِبْكُمُ ٱللَّهُ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ ۗ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ
﴿٣١﴾ قُلْ أَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَٱلرَّسُولَ ۖ فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ
ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٣٢﴾ ۞ إِنَّ ٱللَّهَ ٱصْطَفَىٰٓ ءَادَمَ وَنُوحًا وَءَالَ إِبْرَٰهِيمَ
وَءَالَ عِمْرَٰنَ عَلَى ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٣٣﴾ ذُرِّيَّةًۢ بَعْضُهَا مِنۢ بَعْضٍ ۗ وَٱللَّهُ
سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٣٤﴾ إِذْ قَالَتِ ٱمْرَأَتُ عِمْرَٰنَ رَبِّ إِنِّى نَذَرْتُ لَكَ
مَا فِى بَطْنِى مُحَرَّرًا فَتَقَبَّلْ مِنِّىٓ ۖ إِنَّكَ أَنتَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٣٥﴾ فَلَمَّا
وَضَعَتْهَا قَالَتْ رَبِّ إِنِّى وَضَعْتُهَآ أُنثَىٰ وَٱللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا وَضَعَتْ
وَلَيْسَ ٱلذَّكَرُ كَٱلْأُنثَىٰ ۖ وَإِنِّى سَمَّيْتُهَا مَرْيَمَ وَإِنِّىٓ أُعِيذُهَا بِكَ
وَذُرِّيَّتَهَا مِنَ ٱلشَّيْطَٰنِ ٱلرَّجِيمِ ﴿٣٦﴾ فَتَقَبَّلَهَا رَبُّهَا بِقَبُولٍ
حَسَنٍ وَأَنۢبَتَهَا نَبَاتًا حَسَنًا وَكَفَّلَهَا زَكَرِيَّا ۖ كُلَّمَا دَخَلَ عَلَيْهَا
زَكَرِيَّا ٱلْمِحْرَابَ وَجَدَ عِندَهَا رِزْقًا ۖ قَالَ يَٰمَرْيَمُ أَنَّىٰ لَكِ هَٰذَا ۖ
قَالَتْ هُوَ مِنْ عِندِ ٱللَّهِ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ يَرْزُقُ مَن يَشَآءُ بِغَيْرِ حِسَابٍ ﴿٣٧﴾

At ang Allâh (ﷻ), binabalaan Niya kayo mismo sa pamamagitan ng Kanyang Sarili sa tindi ng Kanyang parusa; magkagayunpaman, Siya rin ang '***Raouf***' – Punung-Puno ng Kabutihan sa Kanyang mga alipin.

31. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Kung kayo ay tunay na nagmamahal sa Allâh* (ﷻ), *ako ang dapat ninyong sundin*, *maniwala kayo sa akin*, *lantad man ito o lihim*, *upang mahalin kayo ng Allâh* (ﷻ); *at patatawarin Niya ang inyong mga kasalanan*, *sapagka't ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Ghafour***' – *Ganap na Mapagpatawad sa kasalanan ng Kanyang mga alipin na sumasampalataya*, *na* '***Raheem***' - *Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila*." Ang talatang ito ng Dakilang Qur'ân ay nagpapatunay na ang sinumang nag-aangkin ng pagmamahal sa Allâh (ﷻ), subali't hindi naman siya sumusunod sa Kanyang Propeta na si Propeta Muhammad (ﷺ) nang tamang pamamaraan ng pagsunod sa kanya, sa kanyang mga ipinag-uutos at ipinagbabawal; samakatuwid, siya ay sinungaling sa kanyang pag-aangkin hanggang hindi niya sinusunod ang Sugo ng Allâh sa tamang pamamaraan ng pagsunod.

32. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Sumunod kayo sa Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang Aklat*, *at sumunod sa Kanyang Sugo sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang* '*Sunnah*' *at sa kanyang pamamaraan*, *noong siya ay nabubuhay pa at pagkatapos niyang mamatay*." Subali't kapag sila ay tumalikod at nagpumilit na manatili sa kanilang pagtanggi at pagkaligaw, hindi sila nararapat na mahalin ng Allâh (ﷻ); katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay walang pagmamahal sa mga walang pananampalataya.

33. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), pinili Niya si Âdam (عليه السلام), si Nûh (Noah عليه السلام), ang pamilya ni Ibrâhim (عليه السلام), at ang pamilya ni `Imrân at ginawa sila na bukod-tangi sa lahat ng mga tao sa kani-kanilang kapanahunan.

34. Sila ang mga Propeta at mga Sugo, na mga dalisay na magkakadugtung-dugtong na mga angkan, na sila ay taimtim sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang Kaisahan at pagsunod sa Kanyang Rebelasyon. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee`***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakakarinig ng lahat ng sinasabi ng Kanyang mga alipin, na '***`Aleem***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakaaalam ng lahat ng kanilang mga ginagawa, na kung kaya, sila ay gagantihan ayon sa kanilang ginawa.

35. Ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), ang nangyari kay Maryam (Maria عليها السلام) at sa kanyang ina at sa kanyang anak na si `Îsã (Hesus عليه السلام), upang tugunan ang sinumang nag-aangkin nang pagiging '*ilâh*' (diyos) ni `Îsã na sinasamba o di kaya ay sa kanyang pagiging anak ng Allâh; noong sinabi ng asawa ni `Imrân habang siya ay nagdadalang-tao:

"*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ako ay nangangako sa Iyo na ipagkakaloob ko sa Iyo ang nasa aking sinapupunan*, *bilang taimtim na pangako mula sa akin*, *na siya ay pagsisilbihin ko sa* '*Baytul Maqdis*' (*Falisteen*), *na kung kaya hinihiling ko na ito ay tanggapin Mo sa akin*, *dahil Ikaw lamang ang* '***As-Samee`***' *– ang Ganap na Nakakarinig ng aking panalangin*, *na* '***Al-`Aleem***' *– ang Ganap na Nakaaalam ng aking layunin*."

36. Noong nabuo ang kanyang pagdadalang-tao, ipinanganak niya ang kanyang sanggol na babae, sinabi niya:

"*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ang aking ipinanganak ay babae at hindi maaaring manilbihan sa* '*Baytul Maqdis*.' *Subali't ang Allâh* (ﷻ) *ang Nakaaalam kung anuman ang kanyang isinilang at ito ay pagkakalooban ng Allâh* (ﷻ) *ng di-pangkaraniwang katangian*."

At sinabi niya: "*Hindi maaari na ang lalaki na aking hinahangad para manilbihan ay katulad ng babae. Dahil ang lalaki ay higit na malakas at karapat-dapat sa paninilbihan*; *gayunpaman*, *pinapangalanan ko siya ng Maryam*[26] *at hinihiling ko ang kalinga Mo para sa kanya at sa kanyang magiging pamilya mula sa* '*Shaytân*' (*Satanas*) *na isinumpa at inilayo mula sa Iyong Awa*."

37. Dininig ng Allâh (ﷻ) ang kanyang panalangin at tinanggap sa kanya ang pangako ng magandang pagtanggap. At pinangalagaan ng Allâh (ﷻ) ang kanyang anak na si Maryam (عليها السلام), inaruga at siya ay lumaki sa mabuting aral ng

[26]Ito talaga ang tunay niyang pangalan – Maryam (عليها السلام) – subali't nakagawian na siya ay tawaging Maria.

magandang paglaki; at ginawa ng Allâh (ﷻ) na maging madali para sa kanya ang pangangalaga ni Zakariyã (عليه السلام), kaya siya (Maryam) ay pinatira sa kanyang lugar na sambahan (‘*Al-Mihrâb*’). Sa tuwing papasok sa lugar na ito si Zakariyã (عليه السلام) ay natatagpuan niya ang mga nakahain na masasarap na pagkain.

Sinabi ni Zakariyã (عليه السلام): “*O Maryam*, *saan nanggaling ang mga* ‘*rizq*’ (*mabuting pagkain*) *na ito?*” Sinabi niya: “*Ito ay biyaya na nagmula sa Allâh* (ﷻ). *Sa katotohanan ang Allâh* (ﷻ), *sa Kanyang kagandahang-loob*, *binibiyayaan Niya ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga nilikha nang walang hangganan*.”


هُنَالِكَ دَعَا زَكَرِيَّا رَبَّهُ ۖ قَالَ رَبِّ هَبْ لِي مِن لَّدُنكَ ذُرِّيَّةً
طَيِّبَةً ۖ إِنَّكَ سَمِيعُ الدُّعَاءِ ﴿٣٨﴾ فَنَادَتْهُ الْمَلَائِكَةُ وَهُوَ قَائِمٌ
يُصَلِّي فِي الْمِحْرَابِ أَنَّ اللَّهَ يُبَشِّرُكَ بِيَحْيَىٰ مُصَدِّقًا بِكَلِمَةٍ مِّنَ
اللَّهِ وَسَيِّدًا وَحَصُورًا وَنَبِيًّا مِّنَ الصَّالِحِينَ ﴿٣٩﴾ قَالَ رَبِّ
أَنَّىٰ يَكُونُ لِي غُلَامٌ وَقَدْ بَلَغَنِيَ الْكِبَرُ وَامْرَأَتِي عَاقِرٌ ۖ قَالَ
كَذَٰلِكَ اللَّهُ يَفْعَلُ مَا يَشَاءُ ﴿٤٠﴾ قَالَ رَبِّ اجْعَل لِّي آيَةً ۚ
قَالَ آيَتُكَ أَلَّا تُكَلِّمَ النَّاسَ ثَلَاثَةَ أَيَّامٍ إِلَّا رَمْزًا ۗ وَاذْكُر
رَّبَّكَ كَثِيرًا وَسَبِّحْ بِالْعَشِيِّ وَالْإِبْكَارِ ﴿٤١﴾ وَإِذْ قَالَتِ
الْمَلَائِكَةُ يَا مَرْيَمُ إِنَّ اللَّهَ اصْطَفَاكِ وَطَهَّرَكِ وَاصْطَفَاكِ
عَلَىٰ نِسَاءِ الْعَالَمِينَ ﴿٤٢﴾ يَا مَرْيَمُ اقْنُتِي لِرَبِّكِ وَاسْجُدِي
وَارْكَعِي مَعَ الرَّاكِعِينَ ﴿٤٣﴾ ذَٰلِكَ مِنْ أَنبَاءِ الْغَيْبِ نُوحِيهِ
إِلَيْكَ ۚ وَمَا كُنتَ لَدَيْهِمْ إِذْ يُلْقُونَ أَقْلَامَهُمْ أَيُّهُمْ يَكْفُلُ
مَرْيَمَ وَمَا كُنتَ لَدَيْهِمْ إِذْ يَخْتَصِمُونَ ﴿٤٤﴾ إِذْ قَالَتِ
الْمَلَائِكَةُ يَا مَرْيَمُ إِنَّ اللَّهَ يُبَشِّرُكِ بِكَلِمَةٍ مِّنْهُ اسْمُهُ الْمَسِيحُ
عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ وَجِيهًا فِي الدُّنْيَا وَالْآخِرَةِ وَمِنَ الْمُقَرَّبِينَ ﴿٤٥﴾

38. Noong nakita ni Zakariyã (عليه السلام) ang kagandahang-loob ng Allâh (سبحانه وتعالى) kay Maryam sa pamamagitan ng pagbibigay ng biyaya, humarap siya sa Allâh (سبحانه وتعالى) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at nanalangin, na nagsabi:

"*O aking* '*Rabb!*' *Pagkalooban Mo ako ng anak mula sa Iyo*, *na mabuti*, *matuwid at mabiyaya. Dahil Ikaw ang* '***Samee***`' – *Ganap na Nakakarinig ng mga panalangin ng sinumang nananalangin sa Iyo*."

39. Tinawag siya ng mga anghel habang siya ay nakatayo na nakaharap sa Allâh (سبحانه وتعالى), sa lugar na dasalan na nananalangin. Kanilang sinabi:

"*Katiyakan*, *binibigyan ka ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *ng magandang balita na ikaw ay pagkakalooban ng anak na ang pangalan ay Yahyã* (*Juan* عليه السلام), *patutunayan siya sa pamamagitan ng salita na mula sa Allâh* (سبحانه وتعالى), *na ito ay si `Îsã* (*Hesus* عليه السلام) *na anak ni Maryam*,[27] *na siya ay magiging pinuno sa kanyang sambayanan*, *at siya ay ikararangal sa mataas na antas*, *at ilalayo siya mula sa mga kasalanan*, *at mga nakapipinsalang kahalayan*, *at siya ay magiging Propeta na kabilang sa mga mabubuti na mga yaong inabot nila ang pinakamataas na antas ng kabutihan*."

40. Si Zakariyã (عليه السلام) ay nagsabi na may katuwaan at pagtataka: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Paano ako magkakaroon ng sanggol samantalang ako ay inabot na ng katandaan at ang aking asawa ay isang baog at hindi maaaring magkaanak?* Sinabi ng anghel: "*Ganoon ang Allâh*, *gumagawa ng anuman na Kanyang nais na mga gawain na hindi pangkaraniwan*."

41. Si Zakariyã (عليه السلام) ay nagsabi: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Bigyan Mo ako ng tanda*, *na magiging katibayan na ang sanggol ay magmumula sa akin*, *nang sa gayon*, *ako ay matuwa at masiyahan*."

[27]Isa sa mga natatanging himala ang pagkakalikha kay `Îsã (Hesus عليه السلام).

Kanyang sinabi: "*Ang tanda na iyong hinihiling ay hindi mo makakayanang magsalita sa mga tao ng tatlong araw maliban sa mga senyas. Kahit na ikaw ay walang karamdaman*, *at sa mga panahong yaon*, *dalasan mo ang pagpuri sa iyong* '*Rabb*' *at pagdarasal sa mga dulo ng umaga at sa mga umpisa nito.*"

42. At ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), nang sinabi ng mga anghel: *"O Maryam*, *katotohanan ang Allâh* (ﷻ) *ay pinili ka para sumunod sa Kanya*, *at nilinis ka mula sa mga masasamang pag-uugali at kahalayan*; *at bukod-tangi kang pinili sa lahat ng mga kababaihan sa sangkatauhan sa iyong kapanahunan.*

43. "*O Maryam! Ipagpatuloy mo ang iyong pagsunod sa iyong* '*Rabb*' *at tumayo ka na may pagkatakot at pagpapakumbaba*, *mag-*'*sujud*' (*magpatirapa*) *ka at yumuko na kasama ng mga yaong yumuyuko bilang pasasalamat sa Allâh* (ﷻ) *sa Kanyang mga biyayang ipinagkaloob sa Iyo*."

44. Ang mga ikinukuwento Naming ito sa iyo, O Muhammad (ﷺ) ay mula sa mga nakatagong kuwento na ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa iyo, dahil hindi ka naman nila nakasama noong sila ay di-nagkasundo kung sino sa kanila ang mag-aalaga kay Maryam, kung sino ang may karapatan nito.

At naganap sa pagitan nila ang paligsahan na palabunutan sa pamamagitan ng pagtapon ng kanilang mga panulat,[28] at ang nagwagi ay si Zakariyã (عليه السلام) at siya samakatuwid ang nag-alaga sa kanya.

45. At wala ka roon, O Propeta ng Allâh, nang sinabi ng mga anghel: "*O Maryam! Katotohanan ang Allâh* (ﷻ), *binibigyan ka Niya ng magandang balita ng isang sanggol na mangyayari sa pamamagitan ng salita ng Allâh na sasabihin sa kanya na* '***kun***' *– maging*, '***fa yakun***' *– at ito ay magiging* (*maganap at ito ay kaagad na magaganap*).

"*Ang kanyang pangalan ay* '***Al-Masih***, '***Îsã ibnu Maryam***' (*ang Messiah*, *Hesus na anak ni Maria*) *at siya ay igagalang dito at sa Kabilang-Buhay*; *at kabilang sa mga malalapit sa Allâh sa Araw ng Muling Pagkabuhay*."

[28]Ang pamamaraan na ginawa nila upang mabatid kung sino ang mangangalaga kay Maryam ay nagpaligsahan sila: itinapon nila ang kanilang mga panulat na may pangalan na nakasulat sa mga ito sa ilog ng Jordan, at ang panulat na hindi aanurin ng tubig ang magwawagi, at ang hindi inanod na panulat ay ang kay Zakariyã, na kung kaya, sa kanya napunta ang pangangalaga.

وَيُكَلِّمُ ٱلنَّاسَ فِي ٱلْمَهْدِ وَكَهْلًا وَمِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٤٦﴾
قَالَتْ رَبِّ أَنَّىٰ يَكُونُ لِي وَلَدٌ وَلَمْ يَمْسَسْنِي بَشَرٌ ۖ قَالَ كَذَٰلِكِ
ٱللَّهُ يَخْلُقُ مَا يَشَآءُ ۚ إِذَا قَضَىٰٓ أَمْرًا فَإِنَّمَا يَقُولُ لَهُۥ كُن فَيَكُونُ ﴿٤٧﴾
وَيُعَلِّمُهُ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحِكْمَةَ وَٱلتَّوْرَىٰةَ وَٱلْإِنجِيلَ ﴿٤٨﴾
وَرَسُولًا إِلَىٰ بَنِيٓ إِسْرَٰٓءِيلَ أَنِّي قَدْ جِئْتُكُم بِـَٔايَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ ۖ
أَنِّيٓ أَخْلُقُ لَكُم مِّنَ ٱلطِّينِ كَهَيْـَٔةِ ٱلطَّيْرِ فَأَنفُخُ فِيهِ
فَيَكُونُ طَيْرًۢا بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۖ وَأُبْرِئُ ٱلْأَكْمَهَ وَٱلْأَبْرَصَ
وَأُحْىِ ٱلْمَوْتَىٰ بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۖ وَأُنَبِّئُكُم بِمَا تَأْكُلُونَ وَمَا تَدَّخِرُونَ
فِى بُيُوتِكُمْ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً لَّكُمْ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٤٩﴾
وَمُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَىَّ مِنَ ٱلتَّوْرَىٰةِ وَلِأُحِلَّ لَكُم
بَعْضَ ٱلَّذِى حُرِّمَ عَلَيْكُمْ ۚ وَجِئْتُكُم بِـَٔايَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ ۖ
فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُونِ ﴿٥٠﴾ إِنَّ ٱللَّهَ رَبِّى وَرَبُّكُمْ فَٱعْبُدُوهُ ۗ
هَٰذَا صِرَٰطٌ مُّسْتَقِيمٌ ﴿٥١﴾ ۞ فَلَمَّآ أَحَسَّ عِيسَىٰ مِنْهُمُ
ٱلْكُفْرَ قَالَ مَنْ أَنصَارِىٓ إِلَى ٱللَّهِ ۖ قَالَ ٱلْحَوَارِيُّونَ نَحْنُ
أَنصَارُ ٱللَّهِ ءَامَنَّا بِٱللَّهِ ۖ وَٱشْهَدْ بِأَنَّا مُسْلِمُونَ ﴿٥٢﴾

46. "*At siya ay magsasalita sa mga tao habang siya ay isang sanggol pa lamang sa duyan pagkapanganak sa kanya at makikipag-usap din siya sa kanila pagdating ng kanyang hustong gulang*, *ayon sa kung ano ang ipinahayag sa kanya.*"

"*Ang pakikipag-usap na ito na kanyang gagawin ay pakikipag-usap bilang Propeta*, *pamamahayag at pagpapatnubay. At isa siya sa mga mabubuting tao*, *matuwid sa kanyang pananalita at gawa*."

47. Sinabi ni Maryam (عليها السلام), na nagugulat sa balita: "*Paano ako magkakaroon ng anak gayong wala naman akong asawa at hindi ako masamang babae?*" Sinabi sa kanya ng anghel: "*Ito ay mangyayari*, *hindi ito kataka-taka sa kapangyarihan ng Allâh* (ﷻ), *na Siyang lumikha ng anuman na Kanyang nais mula sa wala. Kapag Siya ay nagpasiya na lumikha ng anumang bagay*, *sinasabi Niya lamang dito* '**kun**' *– maging*, '***fa yakun***' *– at ito ay magiging* (*maganap at ito ay kaagad na magaganap*)."

48. At tuturuan siya ng Allâh (ﷻ) na sumulat, at ng matuwid na pananalita at gawa; itututo (rin) sa kanya ang '*Tawrah*' na ipinahayag kay Mousã (عليه السلام) at ganoon din ang '*Injeel*' na ipinahayag sa kanya (`Îsã عليه السلام).

49. At gagawin siyang Sugo sa mga angkan ni Isrâ`il at sasabihin sa kanila: "*Ako ay dumating sa inyo na may dalang palatandaan mula sa Allâh* (ﷻ) *na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na nagpapatunay na ako ay Sugo mula sa Kanya* (ﷻ).

"*At ako ay maghuhugis mula sa luwad* ('*clay*') *ng kamukha ng ibon at* (*pagkatapos ay*) *hihingahan ko ito upang ito ay maging isang tunay na ibon sa kapahintulutan ng Allâh* (ﷻ).

"*Pagagalingin ko ang ipinanganak na bulag*, *at gayundin ang mga ketongin*, *at bubuhayin ko ang namatay sa kapahintulutan ng Allâh* (ﷻ). *At sasabihin ko sa inyo kung ano ang inyong kakanin at kung ano ang inyong itatabing pagkain sa inyong mga tahanan*.

"*Katotohanan*, *ito ay mga dakilang pangyayari na wala sa kakayahan ng sinumang tao kundi patunay lamang na ako ay Propeta ng Allâh at Kanyang Sugo*, *kung kayo ay naniniwala sa katibayan ng Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang mga talata at sumasaksi sa Kanyang Kaisahan*."

50. "*Ako ay naparito sa inyo*, *na magpapatotoo sa kung ano ang nilalaman ng* '*Tawrah*' *at ipahihintulot sa inyo sa pamamagitan ng kapahayagan mula sa Allâh* (ﷻ) *ang ilan na ipinagbawal sa inyo ng Allâh* (ﷻ) *upang luwagan kayo bilang Awa mula sa Allâh* (ﷻ).

"*At dala-dala ko* (*rin*) *sa inyo ang mga palatandaan mula sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha bilang patunay na ang aking mga sinasabi sa inyo ay totoo*; *na kung kaya*, *katakutan ninyo ang Allâh* (ﷻ), *at huwag ninyong labagin ang Kanyang ipinag-utos*, *at sumunod kayo sa akin sa anumang ipinapahayag ko sa inyo mula sa Allâh* (ﷻ).

51. "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay Bukod-Tangi na aking* '*Rabb*' *at inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na ako ay nanghihikayat sa inyo tungo sa Kanya*; *na kung kaya*, *sambahin ninyo Siya. Dahil ako at kayo ay pareho sa pagkaalipin at pagpapakumbaba sa Kanya. Ito ang Matuwid na Landas*."

52. Noong mabatid ni `Îsã (Hesus عليه السلام) ang kanilang di-pagtanggap, nanawagan siya sa kanyang tunay na mga tagasunod, at sinabi: "*Sino ang sasama sa akin para itaguyod ang* '*Deen*' *ng Allâh?*"

Sinabi ng kanyang mga *Hawâriyyun* (mga piling-piling disipulo): "*Kami ang tagapagtaguyod ng* '*Deen*' *ng Allâh at nanghihikayat patungo rito. Naniwala kami sa Allâh* (ﷻ) *at sumunod sa iyo*; *na kung kaya*, *tumestigo ka para sa amin na kami ay mga Muslim – taimtim at ganap na sumusuko sa Allâh sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanyang Kaisahan at pagsunod sa Kanya.*



53. "*O Allâh na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Pinaniwalaan namin ang anuman na iyong ipinahayag na* '*Injeel*,' *at sinunod namin ang Iyong Sugo na si `Îsã* (*Hesus* (عليه السلام)); *na kung kaya*, *ibilang Mo kami sa mga sumaksi sa Kaisahan Mo at sa pagkasugo ng lahat ng Iyong mga Propeta. Sila ang sambayanan ni Propeta Muhammad* (ﷺ) *na sumasaksi sa lahat ng mga Sugo*, *na naipahayag nila ang mensahe sa kani-kanilang mga sambayanan*."

54. At nagpakana ang mga walang pananampalataya mula sa angkan ni Isrâ`il sa pamamagitan ng pagpili ng mga tao na papatay kay `*Îsã* (Hesus (عليه السلام)) nang pataksil; na kung kaya, ginawa ng Allâh (ﷻ) na maging kamukha ni `Îsã (عليه السلام) ang taong nagturo (o nagkanulo) sa kanya; at siya ang nahuli nila, pinatay at ipinako, sa pag-aakala na siya ay si `Îsã (عليه السلام). Tinumbasan ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga pakana nang higit pa kaysa roon. Ang talatang ito ang patunay na ang '*Makr*' (pantumbas sa masamang gawain) ay kabilang sa katangian ng Allâh (ﷻ) na naaayon sa Kanyang Kadakilaan at Kaganapan, dahil ang Kanyang '*Makr*' ay karapat-dapat at para tapatan ang mga pakana ng mga masasama.

55. Ang ginawang '*Makr*' ng Allâh (ﷻ) laban sa kanila noong sinabi ng Allâh (ﷻ) kay `Îsã (عليه السلام) na: "*Kukunin kita mula sa kalupaan nang walang anumang masamang mangyayari sa iyo*, *at iaangat kita papunta sa Akin kasama ang iyong buong katawan at kaluluwa. At ililigtas kita mula sa mga di-naniwala sa iyo*.

"*At gagawin ang mga yaong sumunod sa iyo*, *at sa anuman na iyong dinala mula sa Allâh* (ﷻ) *na* '*Deen*' (*batas o pamamaraan ng pamumuhay*), *at sa ipinahayag na magandang balita hinggil sa pagdating ni Muhammad* (ﷺ) *na sila ay naniwala kay Muhammad* (ﷺ) *pagkatapos siyang isugo ng Allâh* (ﷻ) *at nanatili sila sa batas na yaon --- na sila ay mangingibabaw sa sinumang hindi naniwala sa iyong pagiging Propeta* (*O `Îsã* (عليه السلام)) *hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Pagkatapos*, *sa Araw ng Pagbabayad*, *kayong lahat ay magbabalik sa Akin*, *upang linawin ang hindi ninyo pinagkaunawaan sa isa't- isa hinggil kay `Îsã* (عليه السلام)."

56. "*Subali't ang sinumang hindi naniwala kay `Îsã Al-Masih* (عليه السلام) *mula sa mga Hudyo at saka yaong mga nagmalabis mula sa mga Kristiyano*, *paparusahan Ko sila ng matinding kaparusahan dito sa mundo sa pamamagitan ng pagpatay o pagkawala ng kayamanan at kaharian*; *at sa Kabilang-Buhay ay mananatili sila sa Impiyernong-Apoy at wala silang sinuman na maaaring maging taga-pagtaguyod upang sila ay tulungan at iahon mula sa kaparusahan ng Allâh* (سبحانه وتعالى)."

57. At ang sinumang naniwala sa Allâh (سبحانه وتعالى), sa lahat ng mga Sugo at gumawa ng mababuting gawa; ipagkakaloob sa kanila ng Allâh (سبحانه وتعالى) ang gantimpala sa kanilang mga gawain, ganap at walang pagkukulang. At ang Allâh (سبحانه وتعالى) ay hindi nagmamahal sa mga gumagawa ng masama, gumagawa ng pagtatambal o pagsamba ng iba bukod sa Allâh ('*shirk*') at '*kufr*' (pagtanggi).

58. Ito ang Aming kuwento sa iyo hinggil kay `Îsã (Hesus عليه السلام) bilang malinaw na palatandaan na ang iyong mensahe ay totoo; ganoon din ang Kabanal-banalan na Qur'ân, na siyang pamantayan sa pagitan ng katotohanan at kamalian; at walang pag-aalinlangan ang anuman na nasa loob nito.

59. Katiyakan, ang paglikha ng Allâh (سبحانه وتعالى) kay `Îsã (عليه السلام) na walang ama ay katulad ng paglikha ng Allâh (سبحانه وتعالى) kay Âdam (عليه السلام) nang walang ama't ina. Dahil siya ay nilikha Niya mula sa alabok, pagkatapos sinabi sa kanya na maging tao at ito ay naging tao (o naganap). Na kung kaya, ang pag-angkin na siya ay '*ilâh*' (diyos na dapat sambahin o sinasamba), dahil sa siya ay nilikha na walang ama ay mali at kasinungalingan na pag-aangkin, sapagka't si Âdam (عليه السلام) ay walang ama at ina; subali't, ang lahat ay nagkasundo na siya ay alipin din lamang na katulad ng ibang mga alipin ng Allâh (سبحانه وتعالى).

60. Ang anumang dumating sa iyo, O Muhammad (ﷺ) mula sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, ang siyang katotohanan na walang pag-aalinlangan hinggil kay `Îsã (عليه السلام); na kung kaya, panatilihin mo ang katiyakan sa iyong sarili, at sa kung anuman na iyong katayuan bilang pag-iwas sa mga pagsisinungaling; at huwag mong ibilang ang iyong sarili sa mga nag-aalinlangan. At ito ang pagpapatatag at pagpapanatag sa kalooban ni Propeta Muhammad (ﷺ).

61. Na kung kaya, sinuman ang makikipagtalo sa iyo, O Muhammad (ﷺ) hinggil kay `Îsã Al-Masih (عليه السلام) na anak ni Maryam, pagkatapos dumating sa iyo ang kaalaman hinggil kay `Îsã (عليه السلام), sabihin mo sa kanila: "*Halina kayo at isama natin ang aming mga anak at inyong mga anak*, *ang aming mga kababaihan at ang inyong mga kababaihan*, *ang aming mga sarili at ang inyong mga sarili. Pagkatapos*, *manalangin tayo sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *nang taimtim na ibaba Niya ang Kanyang parusa at sumpa sa mga hindi nagsasabi ng katotohanan at nananatili sa kanilang pagtanggi*."


إِنَّ هَٰذَا لَهُوَ ٱلْقَصَصُ ٱلْحَقُّ ۚ وَمَا مِنْ إِلَٰهٍ إِلَّا ٱللَّهُ ۚ وَإِنَّ ٱللَّهَ لَهُوَ
ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٦٢﴾ فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ عَلِيمٌۢ بِٱلْمُفْسِدِينَ ﴿٦٣﴾
قُلْ يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ تَعَالَوْا۟ إِلَىٰ كَلِمَةٍ سَوَآءٍۭ بَيْنَنَا وَبَيْنَكُمْ
أَلَّا نَعْبُدَ إِلَّا ٱللَّهَ وَلَا نُشْرِكَ بِهِۦ شَيْـًٔا وَلَا يَتَّخِذَ بَعْضُنَا
بَعْضًا أَرْبَابًا مِّن دُونِ ٱللَّهِ ۚ فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَقُولُوا۟ ٱشْهَدُوا۟ بِأَنَّا
مُسْلِمُونَ ﴿٦٤﴾ يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ لِمَ تُحَآجُّونَ فِىٓ
إِبْرَٰهِيمَ وَمَآ أُنزِلَتِ ٱلتَّوْرَىٰةُ وَٱلْإِنجِيلُ إِلَّا مِنۢ بَعْدِهِۦٓ ۚ أَفَلَا
تَعْقِلُونَ ﴿٦٥﴾ هَٰٓأَنتُمْ هَٰٓؤُلَآءِ حَٰجَجْتُمْ فِيمَا لَكُم بِهِۦ
عِلْمٌ فَلِمَ تُحَآجُّونَ فِيمَا لَيْسَ لَكُم بِهِۦ عِلْمٌ ۚ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ وَأَنتُمْ
لَا تَعْلَمُونَ ﴿٦٦﴾ مَا كَانَ إِبْرَٰهِيمُ يَهُودِيًّا وَلَا نَصْرَانِيًّا وَلَٰكِن كَانَ
حَنِيفًا مُّسْلِمًا وَمَا كَانَ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿٦٧﴾ إِنَّ أَوْلَى ٱلنَّاسِ
بِإِبْرَٰهِيمَ لَلَّذِينَ ٱتَّبَعُوهُ وَهَٰذَا ٱلنَّبِىُّ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ۗ وَٱللَّهُ وَلِىُّ
ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٦٨﴾ وَدَّت طَّآئِفَةٌ مِّنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ لَوْ يُضِلُّونَكُمْ
وَمَا يُضِلُّونَ إِلَّآ أَنفُسَهُمْ وَمَا يَشْعُرُونَ ﴿٦٩﴾ يَٰٓأَهْلَ
ٱلْكِتَٰبِ لِمَ تَكْفُرُونَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَأَنتُمْ تَشْهَدُونَ ﴿٧٠﴾

62. Katiyakan, ang isinasalaysay Kong ito sa iyo na hinggil kay `Îsã (عليه السلام) ay walang pag-aalinlangan na makatotohanang kuwento.

At '***Lâ i-lâ-ha il-lal-lâh***' – walang sinumang '*ilâh*' (diyos na sinasamba) o bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi ang Allâh (ﷻ) na Nag-iisa. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punong-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang Kaharian, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang panukala at gawa.

63. At kapag sila ay tumalikod at tumanggi sa pagsunod at paniniwala sa iyo, ay sa kadahilanang sila ay masasama; at ang Allâh (ﷻ) ang '***`Aleem***' – Ganap na Nakababatid sa kanila at sila ay pagbabayarin para rito.

64. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga '*Ahlul Kitâb*' – mga Hudyo at mga Kristiyano: "*Halina sa makatarungan at makatotohanang salita*, *at tayong lahat ay sumunod at manatili rito* (*sa makatarungan at makatotohanang salita na ito*): *ito ay ang pagturing natin sa pagiging bukod-tangi ng Allâh* (ﷻ) *sa pagsamba sa Kanya*, *na hindi tayo gagawa ng anumang pagtatambal sa Kanya*, *na tulad ng mga imahen*, *rebulto o di kaya ay krusipiho o anumang uri ng sinasamba bukod sa Kanya*; *at hindi tayo susunod sa ibang batas o kagustuhan ng sinuman sa atin maliban sa kautusan ng Allâh* (ﷻ)."

At kapag sila ay tumanggi sa mabuting paghihikayat na ito. Sabihin ninyo – O kayong mga mananampalataya – sa kanila: "*Tumestigo kayo sa amin na kami ay mga Muslim na sumusuko sa aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha bilang alipin at taimtim na pagsamba namin sa Kanya*." At ang paghihikayat na ito tungo sa pagkakaisa, na ang ganitong pamamaraan ng paghihikayat ay hindi lamang para sa mga Hudyo at mga Kristiyano, kundi pati na rin sa ibang relihiyon na nasa labas ng Islâm.

65. O kayo na mga '*Ahlul Kitâb*' – mga Hudyo at mga Kristiyano: "*Paano kayong nakikipagtalo* (*hinggil kay Ibrâhim* (عليه السلام)) *na inaangkin ng bawa't grupo sa inyo na si Ibrâhim* (عليه السلام) *ay kasama sa inyong* '*deen*' (o *relihiyon*), *gayong hindi ipinahayag ang* '*Tawrah*' *at* '*Injeel*' *kundi pagkatapos na niya? Hindi ba ninyo naiintindihan na mali ang inyong sinasabi na si Ibrâhim* (عليه السلام) *ay Hudyo o Kristiyano*, *at alam ninyo na ang mga Hudyo at mga Kristiyano ay saka lamang lumitaw pagkamatay ni Ibrâhim* (عليه السلام), *na umabot pa muna nang matagal na panahon?*"

66. Nariyan na naman kayo, O kayo na nakipagtalo sa Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ), hinggil sa mga kaalaman ninyo sa inyong relihiyon, na pinaniniwalaan ninyo na ito ay totoo ayon sa inyong mga Aklat; kung gayon, bakit kayo nakikipagtalo sa mga bagay na wala kayong kaalaman hinggil kay Ibrâhim (عليه السلام)? Gayong ang Allâh (سبحانه وتعالى) ay Ganap na Nakaaalam ng mga bagay na lihim subali't kayo ay walang kaalam-alam.

67. Kailanman, si Ibrâhim (عليه السلام) ay hindi isang Hudyo ni Kristiyano, at hindi lumitaw ang Judaismo at Kristiyanismo, kundi pagkawala na niya, na umabot pa muna nang napakatagal na panahon. Bagkus siya (Ibrâhim عليه السلام) ay tunay na sumusunod sa kagustuhan ng Allâh (سبحانه وتعالى) at ganap na sumusuko sa Kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang Muslim at hindi siya kabilang sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh.

68. Katiyakan, ang taong may karapatan kay Ibrâhim (عليه السلام) at sila ang kabilang sa kanya, ay yaong mga naniwala sa kanya, naniwala sa kanyang mensahe at sumunod sa kanyang '*Deen*;' na ito ay si Propeta Muhammad (ﷺ) at yaong mga naniwala sa kanya.

At ang Allâh (سبحانه وتعالى) ang Siyang '***Walee***' – Tagapangalaga ng mga naniwala sa Kanya, na mga sumusunod sa Kanyang batas.

69. Hinahangad ng isang grupo mula sa mga Hudyo at mga Kristiyano, na sana ay mailigaw nila kayong mga Muslim at mailayo sa Islâm; subali't wala silang inililigaw kundi ang kanila lamang mga sarili at ang kanilang mga tagasunod, gayong hindi nila ito nararamdaman at hindi nila ito nababatid.

70. "*O kayong mga nagtatangan ng* '*Tawrah*' (*Torah*) *at* '*Injeel*' (*Ebanghelyo*), *bakit ninyo tinatanggihan ang mga talata ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga Sugo na nasa inyong Aklat*, *gayong naroroon* (*sa inyong kasulatan*) *na si Muhammad* (ﷺ) *ay isang Sugo na inyong* (*inaabangan o hinihintay*); *at ang anuman na kanyang dinala sa inyo*, *ito ay pawang katotohanan at tumitestigo naman kayo? Subali't tinatanggihan naman ninyo siya*."



71. "*O kayo na mga nagtatangan ng* '*Tawrah*' *at* '*Injeel*,' *bakit ninyo pinaghalo ang katotohanan sa kamalian na nasa inyong mga Aklat*, *sa pamamagitan ng pagbabago na inyong ginawa at sa pagsusulat ng inyong mga kamay ng kasinungalingan*; *at itinatago ninyo ang anumang nakasaad doon hinggil sa katangian ni Propeta Muhammad* (ﷺ), *at ang kanyang* '*Deen*,' *– na ito ay katotohanan*; *at batid ninyo ang bagay na ito?*"

72. At sinabi ng isang grupo ng '*Ahlul Kitâb*' na mga Hudyo: "*Paniwalaan ninyo ang anuman na ipinahayag sa mga naniwala*, *sa simula* (*umpisa*) *ng araw at labagin ninyo ito sa dulo ng araw* (*hapon*), *nang sa gayon*, *ay magkaroon sila ng pagdududa sa kanilang* '*Deen*,' *hanggang sa ito ay iwan nila.*

73. "*At huwag kayong maniwala maliban lamang sa kung sino ang sumunod sa inyong* '*deen*' (*relihiyon*) *at naging Hudyo*." Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *ang patnubay at ang gabay ay ang patnubay at gabay lamang ng Allâh* (ﷻ) *sa tunay na paniniwala*."

At sinabi nila (na mga Hudyo): "*Huwag ninyong ituro sa mga Muslim ang anumang kaalaman na mayroon kayo*, *na ito ay matutunan nila mula sa inyo dahil magiging kapantay ninyo sila sa kaalaman o makahihigit pa sila sa inyo*, *o di kaya ay gagamitin nila itong katibayan sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha upang kayo ay magapi nila*."

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *ang lahat ng kagandahang-loob*, *pangingibabaw at ang lahat ng bagay ay nasa Kamay ng Allâh* (ﷻ) *at nasa Kanyang Pangangasiwa*; *at ito ay ipinagkakaloob Niya sa sinuman na Kanyang nais*, *na naniwala sa Kanya at sa Kanyang Sugo*."

At ang Allâh (ﷻ) ay Walang-Hanggan at Ganap ang Kanyang kaalaman, saklaw ng Kanyang kaalaman at ng Kanyang biyaya ang lahat ng Kanyang nilikha; at ganoon din sa sinuman na karapat-dapat ng Kanyang kagandahang-loob at biyaya.

74. Katiyakan na ang Allâh (ﷻ), pumipili Siya mula sa Kanyang mga nilikha ng sinuman na Kanyang nais sa pagiging Propeta at patnubay tungo sa ganap na batas. At ang Allâh (ﷻ) ang Nagmamay-ari ng mga dakilang kagandahang-loob.

75. At mayroon sa mga '*Ahlul Kitâb*' na mga Hudyo, na kapag pinagkatiwalaan mo ng maraming kayamanan, ito ay kanilang ibabalik sa iyo nang walang pandaraya. At mayroon naman sa kanila na kapag pinagkatiwalaan mo ng isang '*dinar*' (ginto) ay halos ayaw na niya itong ibalik pa sa iyo. Maliban na lamang, kung magsisikap ka ng lahat ng paraan na bawiin ito sa kanya.

Ang dahilan nito ay mayroon silang maling paniniwala na nagtutulak sa kanila na gumawa nito, na sila (raw) ay mayroong karapatan na ipagkanulo at kunin ang mga kayamanan ng Arabo na wala silang karapatan at sinasabi nila na: "*Wala tayong kasalanan kung kinain o pinakialaman natin ang kayamanan nila*, *dahil ang Allâh*, *ipinahintulot Niya ito para sa atin*," gayong sa katotohanan, ito ay pagsisinungaling laban sa Allâh (ﷻ), ito ay binibigkas ng kanilang mga dila kahit alam nila na sila ay nagsisinungaling.

76. Ang katotohanan ay hindi ang yaong inaangkin ng mga sinungaling, sapagka't ang tunay na natatakot sa Allâh (ﷻ) ay ang sinumang ginagampanan niya ang kanyang pangako sa Allâh (ﷻ), tinutupad niya ang mga ito at pinangangalagaan ang ipinagkatiwala sa kanya; naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga Sugo, at sumunod sa gabay at batas Niya; at natakot sa Allâh (ﷻ) at isinasagawa niya ang ipinag-uutos at iniiwasan niya ang mga ipinagbabawal. At ang Allâh (ﷻ) ay Siyang nagmamahal sa mga '*Al-Muttaqin*' na umiiwas sa paglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh at sa mga kasalanan.

77. Katiyakan, yaong ipinagpalit nila ang kanilang pangako sa Allâh (ﷻ) at ang Kanyang katuruan na nasa kanilang mga Aklat na ipinahayag sa kanilang mga Propeta sa walang halagang makamundong bagay, sila ay walang bahagi na gantimpala sa Kabilang-Buhay; at hindi makikipag-usap sa kanila ang Allâh (ﷻ), sa paraan na kanilang ikasisiya; at hindi titingin sa kanila ang Allâh (ﷻ) ng tingin ng pagkaawa sa Araw ng Muling Pagkabuhay; at hindi sila lilinisin mula sa dungis ng kasalanan at pagtanggi. At ang para sa kanila ay masidhing kaparusahan.

78. At katiyakan, mayroon sa mga Hudyo ang grupo na binabago nila ang salita sa pamamagitan ng paglalayo nito sa tamang kahulugan, at pinapalitan nila ang salita ng Allâh (ﷻ) upang malinlang nila ang iba, na (sinasabi nilang) ito ay salita na ipinahayag bilang '*Tawrah*' gayong hindi naman ito talaga nagmula sa '*Tawrah*;' at sinasabi nila na ito ay nagmula sa Allâh (ﷻ) na ipinahayag Niya sa Kanyang Propeta na si Mousã (عليه السلام), subali't sa katotohanan, ito ay hindi talagang nagmula sa Allâh (ﷻ). Ang dahilan ay ang paghahangad nila ng makamundong bagay; na kung kaya, sila ay nagsasalita ng mga kasinungalingan laban sa Allâh (ﷻ), gayong alam nila na sila ay nagsisinungaling.

79. Hindi maaari sa sinumang tao na magpapahayag ang Allâh (ﷻ) sa kanya ng isang Aklat, gagawin siyang hukom sa Kanyang mga nilikha at pipiliin siya bilang Propeta, pagkatapos ay sasabihin niya sa mga tao na sambahin ninyo ako bukod sa Allâh, kundi bagkus ay kanyang sasabihin: "*Gawin ninyo ang inyong mga sarili na Rab-ba-nî-yîn* (na ang ibig sabihin ay maging maalam sa '*Deen*' at ipahayag nila sa iba kung anuman ang kanilang natutunan na Rebelasyon mula sa Allâh (ﷻ), at sa kung anuman na kanilang napag-aralan at naisaulo bilang kaalaman at panuntunan)."

80. At hindi maaari sa sinuman sa kanila na ipag-uutos sa inyo, na gawin ang mga anghel at ang mga Propeta bilang mga '*Rabb*' na Tagapaglikha, na sasambahin ninyo bukod sa Allâh. Matatanggap ba ito ng inyong mga kaisipan, O kayo na mga tao, na sila ay mag-uutos sa inyo ng paglabag sa Allâh pagkatapos ninyong sumunod sa utos ng Allâh (ﷻ)?

81. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ) noong nagbigay ang Allâh (ﷻ) ng kasunduan sa mga Propeta: "*Na kapag pinagkalooban ko kayo ng Aklat at ng Karunungan*, *pagkatapos ay dumating sa inyo ang Sugo mula sa Akin na magpapatotoo sa anuman na pinanghahawakan ninyo*; *samakatuwid*, *maniwala kayo sa kanya at tulungan ninyo siya*." [Ito ang kasunduan na ginawa ng Allâh (ﷻ) sa mga Sugo.] Kung gayon, sinabi ng Allâh (ﷻ): "*Sumasang-ayon ba kayo rito at tinatanggap ninyo ang kasunduang ito?*" Sila ay nagsabi: "*Sumasang-ayon*

kami." Sinabi ng Allâh (ﷻ): "*Kung gayon*, *magtestigo ang iba sa inyo sa iba*, *at kayo naman ay magtestigo sa inyong mga sambayanan hinggil sa kasunduang ito. At Ako naman ay kasama na titestigo sa inyo* (*Propeta*) *at sa kanila* (*sambayanan*)."

At dito, ang Allâh (ﷻ) ay gumawa ng kasunduan sa bawa't Propeta na siya ay maniniwala kay Propeta Muhammad (ﷺ) at gumawa ng kasunduan sa mga tagasunod ng mga Propeta (para sa usaping ito).

82. At sinuman ang tumalikod sa panawagan ng Islâm, pagkatapos ng pagkakapahayag at kasunduang ito na ginawa ng Allâh (ﷻ) sa kanyang mga Propeta – sila ang mga lumabas sa '*Deen*' ng Allâh (ﷻ) at sa pagsunod sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

83. Naghahangad ba ang mga yaong masasama at lumabag mula sa '*Ahlul Kitâb*' ng iba bukod sa '*Deen*' ng Allâh (ﷻ) na Al-Islâm, na Kanyang ipinadala kay Propeta Muhammad (ﷺ); gayong ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan ay kusang sumusuko at nagpapasailalim sa Allâh (ﷻ) – na katulad ng mga mananampalataya – at maging ang mga walang pananampalataya ay sumusuko (rin) kahit ayaw pa nila, sa oras ng kanilang kagipitan, samantalang hindi ito makapagbibigay ng pakinabang sa kanila, na katulad ng pagsuko sa Kanya ng lahat ng mga nilikha; at sa Kanya babalik ang lahat sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at tutumbasan ang bawa't isa ayon sa kanyang nagawa. At ito ang babala mula sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang nilikha na huwag silang babalik sa Allâh (ﷻ) nang wala sila sa '*Deen*' ng Islâm.



84. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Naniwala kami sa Allâh* (ﷻ), *sinunod namin Siya*, *wala kaming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha bukod sa Kanya at wala kaming sinasamba bukod sa Kanya*; *at naniwala kami sa ipinahayag Niya sa amin*; *at sa anumang ipinahayag Niya kay Ibrâhim* (عليه السلام), *at sa kanyang dalawang anak na sina Ismâ`il* (عليه السلام) *at Ishâq* (عليه السلام), *at sa kanyang apo na si Ya`qûb* (*Jacob* عليه السلام), *at sa anumang ipinahayag sa mga* '*Al-Asbât*' *– na sila ang mga Propeta mula sa 12 angkan ni Isrâ`il mula sa pamilya ni Ya`qûb* (عليه السلام); *at* (*sa Aklat*) *na ibinigay kina Mousã* (*Moises* عليه السلام) *at `Îsã* (*Hesus* عليه السلام) *na* '*Tawrah*' *at* '*Injeel*;' *at sa kung ano ang ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *sa Kanyang mga Propeta – ito ay pinaniniwalaan naming lahat*, *wala kaming pagtatangi sa sinuman sa kanila sa pagitan nilang lahat*; *at sa Allâh* (ﷻ) *na Nag-iisa at Bukod-Tangi*, *kami ay sumusuko at sumusunod bilang Muslim at tinanggap namin Siya bilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at bilang* '*Ilâh*' *o Diyos na sinasamba*."

85. At sinuman ang maghahangad ng '*Deen*' maliban sa '*Deen*' na '*Al-Islâm*' – na ito ay ang pagsuko sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang Kaisahan, pagpapasailalim sa Kanya bilang pagsunod, pagsamba at pagkaalipin; at paniniwala sa Kanyang huling Sugo na si Muhammad (ﷺ) – pagsunod sa kanya, pagmamahal na lantaran o lihim – ang sinumang magnais ng iba maliban sa '*Deen Al-Islâm*' ay hindi ito tatanggapin sa kanya at sa Kabilang-Buhay ay kabilang siya sa mga talunan, na sila ay walang mapapakinabangan na anuman sa kanilang mga sarili.

86. Paano gagabayan ng Allâh (ﷻ) sa paniniwala sa Kanya at sa Kanyang Sugo ang mga tao na tinanggihan ang pagiging propeta ni Muhammad (ﷺ) pagkatapos nila itong paniwalaan; gayong sila'y sumaksi na si Muhammad (ﷺ) ay totoo at ang kanyang dala-dala ay katotohanan, dahil siya ang nagdala ng mga katibayan mula sa Allâh (ﷻ) at mga palatandaan na nagpapatotoo sa kanya?

At ang Allâh (ﷻ), hindi Niya gagabayan sa katotohanan at sa tama ang mga grupong masasama, na sila ay lumihis sa katotohanan patungo sa kamalian at pinili ang pagtanggi kaysa sa paniniwala.

87. Sila ang sukdulang masasama, ang kabayaran para sa kanila ay ang sumpa ng Allâh (ﷻ), ng mga anghel at lahat ng tao; dahil sa sila ay inilayo mula sa Awa ng Allâh.

88. Mananatili sila sa Impiyerno at hindi aalisin sa kanila ang kaparusahan nang kahit na sandali para sila ay makapagpahinga, at hindi ito iaantala sa kanila kahit na anuman ang kanilang ikakatwiran.

89. Maliban sa yaong nanumbalik sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha nang makatotohanang pagsisisi, pagkatapos nilang tumanggi at naging masama. At itinuwid nila ang anuman na kanilang pagkakamali sa pamamagitan ng kanilang pagsisisi. Katiyakan, tatanggapin sila ng Allâh (ﷻ), dahil Siya ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa pagkakasala ng Kanyang mga alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

90. Katiyakan, ang mga yaong hindi naniwala at tumanggi pagkatapos nilang maniwala at nagpatuloy sila sa kanilang pagtanggi hanggang sa dumating sa kanila ang kamatayan, hindi tatanggapin sa kanila ang pagsisisi sa oras ng kanilang pag-aagaw-buhay. At sila ang mga yaong naligaw ng landas at ipinagsawalang-bahala ang batas ng Allâh (ﷻ).

91. Katiyakan, yaong mga tumanggi sa pagiging Propeta ni Muhammad (ﷺ) at sila ay namatay sa pagtanggi sa Allâh at sa Kanyang Sugo; kailanman ay hindi tatanggapin sa sinuman sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kahit na punuin pa niya ng ginto ang buong kalupaan upang tubusin ang kanyang sarili mula sa parusa ng Allâh (ﷻ); at kahit na ito pa ay mangyari, hindi pa rin ito tatanggapin ng Allâh (ﷻ) sa kanya. Ang para sa kanila ay masidhing kaparusahan at walang sinuman ang makapagliligtas sa kanila mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

92. Kailanman ay hindi ninyo mararating ang ‘*Al-Jannah*’ hanggang hindi ninyo ginagasta bilang kawanggawa ang anuman na inyong pinakamamahal. At ang anumang bagay na inyong ginasta kahit na gaano ito kaliit o karami, katiyakan nababatid ito ng Allâh (ﷻ) at ginagantihan Niya ang bawa’t gumagasta ayon sa kanyang nagawa.


لَن تَنَالُوا۟ ٱلْبِرَّ حَتَّىٰ تُنفِقُوا۟ مِمَّا تُحِبُّونَ ۚ وَمَا تُنفِقُوا۟ مِن شَىْءٍ
فَإِنَّ ٱللَّهَ بِهِۦ عَلِيمٌ ﴿٩٢﴾ ۞ كُلُّ ٱلطَّعَامِ كَانَ حِلًّا لِّبَنِىٓ
إِسْرَٰٓءِيلَ إِلَّا مَا حَرَّمَ إِسْرَٰٓءِيلُ عَلَىٰ نَفْسِهِۦ مِن قَبْلِ أَن تُنَزَّلَ
ٱلتَّوْرَىٰةُ ۗ قُلْ فَأْتُوا۟ بِٱلتَّوْرَىٰةِ فَٱتْلُوهَآ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ
﴿٩٣﴾ فَمَنِ ٱفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ ٱلْكَذِبَ مِنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ فَأُو۟لَٰٓئِكَ
هُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٩٤﴾ قُلْ صَدَقَ ٱللَّهُ ۗ فَٱتَّبِعُوا۟ مِلَّةَ إِبْرَٰهِيمَ حَنِيفًا
وَمَا كَانَ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿٩٥﴾ إِنَّ أَوَّلَ بَيْتٍ وُضِعَ لِلنَّاسِ لَلَّذِى
بِبَكَّةَ مُبَارَكًا وَهُدًى لِّلْعَٰلَمِينَ ﴿٩٦﴾ فِيهِ ءَايَٰتٌۢ بَيِّنَٰتٌ مَّقَامُ
إِبْرَٰهِيمَ ۖ وَمَن دَخَلَهُۥ كَانَ ءَامِنًا ۗ وَلِلَّهِ عَلَى ٱلنَّاسِ حِجُّ ٱلْبَيْتِ
مَنِ ٱسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيلًا ۚ وَمَن كَفَرَ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَنِىٌّ عَنِ ٱلْعَٰلَمِينَ
﴿٩٧﴾ قُلْ يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ لِمَ تَكْفُرُونَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَٱللَّهُ شَهِيدٌ
عَلَىٰ مَا تَعْمَلُونَ ﴿٩٨﴾ قُلْ يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ لِمَ تَصُدُّونَ عَن
سَبِيلِ ٱللَّهِ مَنْ ءَامَنَ تَبْغُونَهَا عِوَجًا وَأَنتُمْ شُهَدَآءُ ۗ وَمَا ٱللَّهُ
بِغَٰفِلٍ عَمَّا تَعْمَلُونَ ﴿٩٩﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِن تُطِيعُوا۟
فَرِيقًا مِّنَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ يَرُدُّوكُم بَعْدَ إِيمَٰنِكُمْ كَٰفِرِينَ
﴿١٠٠﴾

93. Lahat ng malinis na pagkain ay ipinahintulot sa mga angkan ni Ya`qûb (عليه السلام) maliban lamang sa ipinagbawal niya sa kanyang sarili dahil sa kanyang karamdaman, at ito ay bago ipinahayag ang ‘*Tawrah*.’ Subali’t noong ipinahayag na ang ‘*Tawrah*,’ ay ipinagbawal na ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang ilan na dating ipinahintulot sa kanila, dahil sa kanilang kasamaan at sa kanilang paglabag.

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): “*Dalhin ninyo rito ang* ‘*Tawrah*’ *at bigkasin ninyo ang nasa loob nito kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin*, *na ang Allâh* (ﷻ) *ay nagpahayag ayon dito ng pagbabawal ng anuman na ipinagbawal ni Ya`qûb* (عليه السلام) *sa kanyang sarili*, *nang sa gayon ay matiyak ninyo na totoo ang anumang isinasaad sa Dakilang Qur’ân --- na ang Allâh* (ﷻ) *ay hindi nagbawal sa mga angkan ni Isrâ`il bago ipinahayag ang* ‘*Tawrah*’ *maliban lamang sa kung ano ang ipinagbawal ni Ya`qûb* (عليه السلام) *sa kanyang sarili*.”

94. Na kung kaya, sinuman ang nagpasinungaling sa Allâh (ﷻ) pagkatapos niyang mabasa ang ‘*Tawrah*’ at mapatunayan ang mga katotohanan, sila kung gayon ang mga sukdulang masasama na nagsasabi ng mga kasinungalingan laban sa Allâh (ﷻ).

95. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): “*Totoo ang Allâh* (ﷻ) *sa Kanyang sinasabi sa inyo at sa Kanyang mga batas*; *na samakatuwid*, *kung kayo’y totoong nagmamahal at nag-aangkin na kayo ay tagasunod ni Ibrâhim* (عليه السلام), *sundin ninyo ang kanyang* ‘*Deen*’ *na itinalaga ng Allâh* (ﷻ) *na batas ayon sa ipinahayag ni Muhammad* (ﷺ) *dahil ito ang katotohanan*, *na walang pag-aalinlangan ang hinggil dito. Kailanman si Ibrâhim* (عليه السلام) *ay hindi naging kabilang sa mga*

'*Mushrikin*,' *bagkus siya ay naniwala sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at Siya lamang ang kanyang sinamba*."

96. Katiyakan, ang unang Tahanan na itinayo para sa pagsamba sa Allâh sa kalupaan ay ang '*Baytullâh Al-Harâm*' na nasa Makkah. Ito ay mabiyayang Tahanan at dinudoble-doble rito ang mga gantimpala sa mga nagawang kabutihan. Dito (rin sa lugar na ito) bumababa ang mga Biyaya at Awa ng Allâh, at sa pagharap dito sa tuwing magsa-'*Salâh*,' at sa pagtungo rito upang magsagawa ng '*Hajj*' at '`*Umrah*;' ay kabutihan at gabay sa lahat ng tao.

97. Dito, sa tahanang ito, ang malinaw na mga palatandaan na ito ay itinayo ni Ibrâhim (عليه السلام). Dinakila at pinarangalan ng Allâh (ﷻ), kabilang (din sa dinakila at pinarangalan ng Allâh ﷻ) ay ang '*Maqâm*' ni Ibrâhim (عليه السلام). Na kung kaya, sinuman ang papasok sa lugar na ito ay iniligtas niya ang kanyang sarili at walang sinuman ang makapagpapahamak sa kanya.

At ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa sinumang may kakayahan sa mga tao mula sa iba't ibang lugar na magtungo sa Tahanang ito, upang isagawa ang mga alituntunin ng '*Hajj*.' Kung sinuman ang tatanggi sa pag-uutos ng '*Hajj*' na ito, ay ituturing na walang pananampalataya, sapagka't ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghanee***' – Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan na hindi nangangailangan sa kanya (na tumanggi); at sa kanyang '*Hajj*' at sa kanyang gawa; at maging sa lahat ng Kanyang mga nilalang.

98. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga '*Ahlul Kitâb*' – mga Hudyo at mga Kristiyano: "*Bakit ninyo tinatanggihan ang mga katibayan na nagmumula sa Allâh* (ﷻ), *na nagpapatunay na ang Islâm ay* '*Deen*' *ng Allâh*; *at nilalabag ninyo ang mga katibayan at ang mga palatandaan na nasa inyong mga Aklat gayong ito ay batid* (*naman*) *ninyo?*" At ang Allâh (ﷻ) ang '***Shaheed***' – Saksi sa anuman na inyong ginagawa. Ito ay paghamon at pagbabanta sa kanila.

99. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), sa mga Hudyo at mga Kristiyano: "*Bakit ninyo pinagbabawalan sa Islâm ang mga gustong yumakap nito*, *na naghahanap kayo ng paraan upang ibaluktot ang katuruan ng Islâm*; *at iligaw ang mga tao sa Matuwid na Landas gayong batid ninyo na ang aking dala-dala ay katotohanan?*" At batid ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng inyong mga ginagawa at walang pag-aalinlangan na kayo ay mananagot para rito.

100. O kayo na naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo! Kung kayo ay susunod sa grupo ng mga Hudyo at mga Kristiyano na pinagkalooban ng Allâh (ﷻ) ng '*Tawrah*' at '*Injeel*,' ililigaw nila kayo; at naglalagay sila ng mga bagay na pag-aalinlanganan ninyo ang inyong '*Deen*,' nang sa gayon ay bumalik kayo (sa kadiliman) at tumanggi sa katotohanan pagkatapos ninyong naniwala. Samakatuwid, huwag kayong magtiwala sa kanila hinggil sa inyong '*Deen*,' at huwag makinig sa kanilang kapaliwanagan at mga idea (kuru-kuro) o pagpapayo.

وَكَيْفَ تَكْفُرُونَ وَأَنتُمْ تُتْلَىٰ عَلَيْكُمْ ءَايَٰتُ ٱللَّهِ وَفِيكُمْ
رَسُولُهُۥ ۗ وَمَن يَعْتَصِم بِٱللَّهِ فَقَدْ هُدِىَ إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿١٠١﴾
يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِۦ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم
مُّسْلِمُونَ ﴿١٠٢﴾ وَٱعْتَصِمُوا۟ بِحَبْلِ ٱللَّهِ جَمِيعًا وَلَا تَفَرَّقُوا۟ ۚ
وَٱذْكُرُوا۟ نِعْمَتَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ كُنتُمْ أَعْدَآءً فَأَلَّفَ بَيْنَ قُلُوبِكُمْ
فَأَصْبَحْتُم بِنِعْمَتِهِۦٓ إِخْوَٰنًا وَكُنتُمْ عَلَىٰ شَفَا حُفْرَةٍ مِّنَ ٱلنَّارِ
فَأَنقَذَكُم مِّنْهَا ۗ كَذَٰلِكَ يُبَيِّنُ ٱللَّهُ لَكُمْ ءَايَٰتِهِۦ لَعَلَّكُمْ تَهْتَدُونَ
﴿١٠٣﴾ وَلْتَكُن مِّنكُمْ أُمَّةٌ يَدْعُونَ إِلَى ٱلْخَيْرِ وَيَأْمُرُونَ بِٱلْمَعْرُوفِ
وَيَنْهَوْنَ عَنِ ٱلْمُنكَرِ ۚ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿١٠٤﴾ وَلَا
تَكُونُوا۟ كَٱلَّذِينَ تَفَرَّقُوا۟ وَٱخْتَلَفُوا۟ مِنۢ بَعْدِ مَا جَآءَهُمُ ٱلْبَيِّنَٰتُ ۚ
وَأُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿١٠٥﴾ يَوْمَ تَبْيَضُّ وُجُوهٌ وَتَسْوَدُّ
وُجُوهٌ ۚ فَأَمَّا ٱلَّذِينَ ٱسْوَدَّتْ وُجُوهُهُمْ أَكَفَرْتُم بَعْدَ إِيمَٰنِكُمْ
فَذُوقُوا۟ ٱلْعَذَابَ بِمَا كُنتُمْ تَكْفُرُونَ ﴿١٠٦﴾ وَأَمَّا ٱلَّذِينَ ٱبْيَضَّتْ
وُجُوهُهُمْ فَفِى رَحْمَةِ ٱللَّهِ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿١٠٧﴾ تِلْكَ ءَايَٰتُ
ٱللَّهِ نَتْلُوهَا عَلَيْكَ بِٱلْحَقِّ ۗ وَمَا ٱللَّهُ يُرِيدُ ظُلْمًا لِّلْعَٰلَمِينَ
﴿١٠٨﴾

101. At paano kayo hindi maniniwala sa Allâh (ﷻ), O kayo na mga mananampalataya, gayong ang mga talata ng Dakilang Qur'ân ay binibigkas sa inyo at nasa inyo ang Sugo ng Allâh, na nagpapaparating ng mensahe sa inyo? Kung kaya, ang sinumang magtitiwala sa Allâh (ﷻ) at ipamumuhay ang katuruan ng Qur'ân at '*Sunnah*,' ay nasa kanya ang gabay sa Malinaw na Daan at Matuwid na Landas.

102. O kayong naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Katakutan ninyo Siya sa tunay na kahulugan ng pagkatakot, sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya at di-paglabag, pagpapasalamat at di-pagtanggi, pag-alaala at di-pagkalimot; at patuloy na pananatili sa pamumuhay ng Islâm, hanggang sa huling hibla ng inyong buhay upang makatagpo ninyo ang Allâh (ﷻ) sa ganitong kalagayan.

103. At hawakan ninyo nang mahigpit ang Aklat na mula sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha (Allâh ﷻ), at ang patnubay ng inyong Propeta, at huwag kayong gumawa ng anumang bagay na magiging dahilan ng inyong pagkakahiwa-hiwalay. At alalahanin ninyo ang mga dakilang biyaya ng Allâh (ﷻ) na ipinagkaloob sa inyo: noong kayo ay bago pa sa Islâm ay nagkakalaban-laban kayo at pagkatapos ay pinag-isa ng Allâh (ﷻ) ang inyong mga puso, sa pagmamahal sa Kanya at pagmamahal sa Kanyang Sugo. At itinanim Niya sa inyong mga puso ang pagmamahal sa isa't-isa.

Samakatuwid, dahil sa Kanyang gabay ay nagmahalan kayo na (tulad ng) tunay na magkakapatid, at noon ay nasa bingit kayo ng Impiyerno at ginabayan kayo ng Allâh (ﷻ) sa Islâm at iniligtas kayo sa Impiyerno. At kung paano ipinaliwanag sa inyo ng Allâh (ﷻ) ang Daan ng Tamang Pananampalataya ay ginawa rin Niya ang lahat ng bagay para sa ikababuti ninyo bilang gabay sa inyo tungo sa Daan ng Patnubay at ito ang inyong tatahakin nang sa gayon ay hindi kayo maligaw.

104. At magpalitaw kayo, O kayo na mga mananampalataya, mula sa inyo ng isang grupo, na nag-aakay tungo sa kabutihan at nag-uutos sa paggawa ng mabuti

– at ito ay ang pag-aakay tungo sa Islâm at sa Kanyang batas, at pagbabawal sa paggawa ng masama, na ito ay ang lahat ng labag sa katuruan ni Propeta Muhammad (ﷺ); samakatuwid, sila ay magtatagumpay ng mga Hardin sa '*Al-Jannah*.'

105. At huwag ninyong gayahin, O kayong mga mananampalataya, ang mga '*Ahlul Kitâb*' sa kanilang pag-aaway-away at hindi pagkakasundo hanggang sa sila ay nagkawatak-watak na mga grupo. At hindi sila nagkakasundo sa pundasyon o pinakaugat ng Relihiyon ('*Deen*') pagkatapos naging malinaw sa kanila ang katotohanan. At sila ay karapat-dapat sa masidhing pagpaparusa.

106. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na kung saan, ang ilang mga mukha ay mapuputi at sila ay masasaya dahil sa kanilang paniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at pagsunod sa Kanyang ipinag-utos, ang ilan naman ay mangingitim ang kanilang mga mukha at sila ay maghihinagpis mula sa kaparusahan ng kanilang di-paniniwala sa Kanyang Sugo at paglabag sa Kanyang kautusan.

Ang mga yaong nangitim ang kanilang mukha, sasabihin sa kanila bilang paghamak: "*Tumanggi ba kayo pagkatapos ninyong maniwala at pinili ninyo ang pagtanggi kaysa paniniwala? Samakatuwid*, *lasapin ninyo ang inyong kaparusahan dahil sa inyong pagtanggi.*"

107. At yaon (namang) namuti ang kanilang mga mukha at maaliwalas dahil sa kasiyahan at dahil sa natamo nila ang magandang balita, sila ay mga nasa '*Al-Jannah*' ng Allâh (ﷻ) at sa mga kasiyahan na naroroon, at sila ay mananatili roon na hindi na sila lalabas pa magpakailanman.

108. Ito ang mga talata ng Allâh, ang Kanyang maliwanag na palatandaan. Aming binibigkas at ikinukuwento sa iyo, O Muhammad (ﷺ) nang makatotohanan at may katiyakan.

At kailanman, ang Allâh (ﷻ), hindi Niya dinadaya ang sinuman sa Kanyang mga nilikha at hindi Niya binabawasan ang anuman na kanilang ginawa, dahil Siya ang Makatarungang Tagapaghatol at hindi nandaraya.


وَلِلَّهِ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلْأَرْضِ ۗ وَإِلَى ٱللَّهِ تُرْجَعُ ٱلْأُمُورُ ﴿١٠٩﴾
كُنتُمْ خَيْرَ أُمَّةٍ أُخْرِجَتْ لِلنَّاسِ تَأْمُرُونَ بِٱلْمَعْرُوفِ
وَتَنْهَوْنَ عَنِ ٱلْمُنكَرِ وَتُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ ۗ وَلَوْ ءَامَنَ
أَهْلُ ٱلْكِتَٰبِ لَكَانَ خَيْرًا لَّهُم ۚ مِّنْهُمُ ٱلْمُؤْمِنُونَ
وَأَكْثَرُهُمُ ٱلْفَٰسِقُونَ ﴿١١٠﴾ لَن يَضُرُّوكُمْ إِلَّآ أَذًى ۖ
وَإِن يُقَٰتِلُوكُمْ يُوَلُّوكُمُ ٱلْأَدْبَارَ ثُمَّ لَا يُنصَرُونَ ﴿١١١﴾ ضُرِبَتْ
عَلَيْهِمُ ٱلذِّلَّةُ أَيْنَ مَا ثُقِفُوٓا۟ إِلَّا بِحَبْلٍ مِّنَ ٱللَّهِ وَحَبْلٍ مِّنَ ٱلنَّاسِ
وَبَآءُو بِغَضَبٍ مِّنَ ٱللَّهِ وَضُرِبَتْ عَلَيْهِمُ ٱلْمَسْكَنَةُ ۚ ذَٰلِكَ
بِأَنَّهُمْ كَانُوا۟ يَكْفُرُونَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَيَقْتُلُونَ ٱلْأَنۢبِيَآءَ بِغَيْرِ
حَقٍّ ۚ ذَٰلِكَ بِمَا عَصَوا۟ وَّكَانُوا۟ يَعْتَدُونَ ﴿١١٢﴾ ۞ لَيْسُوا۟ سَوَآءً ۗ
مِّنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ أُمَّةٌ قَآئِمَةٌ يَتْلُونَ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ ءَانَآءَ ٱلَّيْلِ
وَهُمْ يَسْجُدُونَ ﴿١١٣﴾ يُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ
وَيَأْمُرُونَ بِٱلْمَعْرُوفِ وَيَنْهَوْنَ عَنِ ٱلْمُنكَرِ وَيُسَٰرِعُونَ
فِى ٱلْخَيْرَٰتِ ۚ وَأُو۟لَٰٓئِكَ مِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿١١٤﴾ وَمَا يَفْعَلُوا۟
مِنْ خَيْرٍ فَلَن يُكْفَرُوهُ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌۢ بِٱلْمُتَّقِينَ ﴿١١٥﴾

109. At pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang mga nasa kalangitan at kalupaan. Ito ay bukod-tanging pagmamay-ari Niya, nilikha at pinangangasiwaan; at ang lahat ng Kanyang mga nilikha ay sa Kanya lamang magbabalik at tutumbasan ang bawa't isa ayon sa kanyang karapatan.

110. Kayo, O sambayanan ni Muhammad, ang pinakamabuti sa lahat ng mga sambayanan, at higit na kapaki-pakinabang sa mga tao dahil sa ipinag-uutos ninyo ang kabutihan --- ang lahat ng ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo. At nagbabawal ng masama – ang lahat ng ipinagbawal ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo. At naniniwala kayo sa Allâh (ﷻ) ng tunay na paniniwala na pinatutunayan ng inyong mga gawa.

Na samakatuwid, kung naniwala (lamang) ang mga '*Ahlul Kitâb*' – ang mga Hudyo at mga Kristiyano kay Muhammad (ﷺ) at sa kanyang dala-dalang katuruan mula sa Allâh (ﷻ) na katulad ng inyong ginawang paniniwala, ito ay higit na makabubuti para sa kanila rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

Subali't mayroon sa kanila ang naniwala sa mensahe ni Muhammad (ﷺ) at sumunod (sa mensaheng) ito nguni't sila ay kakaunti (lamang). At ang nakararami sa kanila ay lumabag sa '*Deen*' ng Allâh (ﷻ) at hindi sumunod sa Kanya.

111. Ang mga '*Fâsiqûn*' (sukdulang masasama) ng '*Ahlul Kitâb*' ay hindi makagagawa ng kapahamakan sa inyo maliban na lamang sa mga nakaiinis sa pandinig na mga salitang '*Shirk*' (pagtatambal o pagsamba ng iba), '*Kufr*' (pagtanggi) at iba pa; at kapag sila ay nakipaglaban sa inyo matatalo sila, sila ay aatras, pagkatapos ay wala silang magiging kaagapay laban sa inyo sa anumang pagkakataon.

112. Itinadhana ng Allâh (ﷻ), na bahagi na nila ang pagkatalo at pagkahamak. At hindi na ito mawawala pa sa mga Hudyo at sila ay mananatiling aba (hamak) kahit saan man sila naroroon. Maliban na lamang sa ilalim ng pangako ng Allâh (ﷻ) at sa pangako mula sa mga tao na pangangalagaan sila at ang kanilang mga

kayamanan. Na ito ay ang pakikipagkasundo nila sa mga Muslim, na sila ay magpapasailalim sa batas ng Islâm (‘*dimma*’). Subali’t pagkatapos nito ay babalik pa rin sila sa sumpa ng Allâh na karapat-dapat sa kanila, dahil itinalaga na sa kanila ang pagkahamak at pagkasumpa; na kung kaya, wala kang makikitang Hudyo na hindi palaging takot at nangangamba mula sa mga naniniwala sa Allâh; ito ang itinalaga sa kanila ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang paglabag sa kagustuhan ng Allâh, at paglampas sa Kanyang hangganang itinakda, at pagpatay nila sa mga Propeta bilang sukdulang kasamaan at paghihimagsik; at ang nagpalakas ng loob sa kanila upang gawin ang ganitong bagay ay ang kanilang pagsasagawa ng mga kasamaan at paglabag sa batas ng Allâh.

113. Ang mga ‘*Ahlul Kitâb*’ ay hindi magkakaparehas, mayroon sa kanila ang grupo na nanatili sa kagustuhan (batas) ng Allâh (ﷻ), naniwala sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ) at sila ay gumigising sa gabi sa kanilang pagsa-‘*Salâh*,’ binibigkas ang mga talata ng Dakilang Qur’ân, humaharap at nakikipag-ugnayan sa Allâh (ﷻ) sa kanilang pagsa-‘*Salâh*.’

114. Naniniwala sila sa Allâh (ﷻ) at sa Kabilang-Buhay, nag-uutos sila ng lahat ng kabutihan at nagbabawal sila ng lahat ng kasamaan, at minamadali nila ang pagsasagawa ng mga kabutihan, at sila ay kabilang sa mga mababuting alipin ng Allâh.

115. At ang anumang gawa mula sa mga mababuting gawa, marami man ito o kakaunti, na ginagawa ng grupo ng mga mananampalataya; kailanman ay hindi ito babalewalain ng Allâh (ﷻ), bagkus sila ay pasasalamatan at gagantimpalaan para rito. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa mga natatakot sa Kanya at gumagawa ng mga kabutihan, at lumalayo sa mga ipinagbabawal sa paghahangad ng Kanyang pagmamahal at ng Kanyang gantimpala.



116. Katiyakan, yaong hindi naniwala sa mga talata ng Allâh at tinanggihan ang Kanyang mga Sugo; kailanman, ang kanilang kayamanan at ang kanilang mga anak ay hindi makapagliligtas sa kanila sa kaparusahan ng Allâh, dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay; at sila ay maninirahan sa Impiyernong-Apoy, doon sila'y mananatili at hindi na sila makalalabas pa roon magpa-kailanman.

117. Ang katulad ng mga ginasta ng mga walang pananampalataya sa kabutihan dito sa mundo at ang kanilang inaasahan na gantimpala o kapalit, ay katulad ng hangin sa taglamig, na sinalanta ang mga pananim ng mga tao na nagha-hangad at umaasa na makaaani sila nang masagana, at dahil sa kanilang pagkakasala ay walang itinira ang hangin na anuman sa kanila.

At sila ang mga walang pananampalataya na walang matatamong gantimpala sa Kabilang-Buhay. At hindi sila dinaya ng Allâh (ﷻ) subali't sila ang nandaya sa kanilang mga sarili dahil sa kanilang pagtanggi at paglabag.

118. O kayo na naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, huwag ninyong gawing '*awliyâ*`' (taong pakamamahalin at gagawing tagapagtaguyod) ang mga walang pananampalataya, pagkakatiwalaan ninyo at pagsasabihan ng inyong mga lihim bukod sa mga mananampalataya. Dahil hindi sila titigil hanggang hindi kayo mapapahamak at natutuwa pa sila kapag may nangyaring masama sa inyo. At lumilitaw ang tindi ng kanilang pagkagalit sa kanilang mga salita, subali't ang anumang kinikimkim nila sa kanilang kalooban na poot at galit sa inyo ay lalong matindi.

Katiyakan, nililinaw Namin sa inyo ang mga katibayan at palatandaan bilang aral sa inyo at para kayo ay mag-ingat; kung pinag-iisipan ninyo ang mga pangaral, utos at ang ipinagbabawal mula sa Allâh (ﷻ).

119. At ito na ang katibayan ng inyong pagkakamali sa pagmamahal sa kanila, dahil kayo, minamahal ninyo sila at nakikitungo kayo nang mabuti sa kanila

subali't sila ay walang pagmamahal sa inyo, kundi kinikimkim nila ang matinding poot at galit sa inyo; samantalang kayo ay naniniwala sa lahat ng mga Aklat na ipinahayag, kabilang dito ang kanilang Aklat nguni't sila ay hindi naniniwala sa Aklat ninyo, kaya paano ninyo sila mamahalin?

At kapag nakatagpo nila kayo, sinasabi nila, na may pagkukunwari: '*Naniwala kami at tinatanggap namin ito*,' subali't kapag sila-sila na lamang ang magkakasama ay lilitaw mula sa kanila ang pagsisisi at pagkalungkot, at kinakagat nila ang dulo ng kanilang mga daliri bilang pagkapoot dahil sa kanilang nakikitang pagkakasundo at pagkakaisa ng mga Muslim, at dahil sa pagyabong ng Islâm at pagkahamak nila.

Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): '*Mamatay kayo sa galit at lungkot*, *katiyakang ang Allâh* (ﷻ) *ang Ganap na Nakababatid ng anumang kinikimkim ng inyong mga kalooban*; *at walang pag-aalinlangan*, *ginagantihan Niya ang sinuman ayon sa kanyang nagawa*, *mabuti man ito o masama*.'

120. At kabilang sa kanilang poot sa inyo, O kayo na mga mananampalataya, ay kapag dumating sa inyo ang mga magagandang bagay, pagkapanalo at mga '*ghanimah*' – mga bagay na nakuha ninyo sa panahon ng digmaan; makikita sa kanila ang saklap (ng kanilang mga mukha) at lungkot; subali't kapag may nangyari sa inyong sakuna katulad ng pagkatalo, pagkabawas sa mga kayamanan, kamatayan, o pagkabawas sa mga inaaning bunga, ay nasisiyahan sila; magkagayunpaman, kung matitiis ninyo ang anumang dumating sa inyong pagsubok at naging matakutin kayo sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ipinag-utos sa inyo at pag-iwas sa mga ipinagbawal sa inyo, hindi kayo mapipinsala ng kanilang katusuhan.

At ang Allâh (ﷻ) ay Ganap na Nakaaalam sa lahat ng mga ginagawa ng mga walang pananampalataya na kasiraan at sila ay pagbabayarin sa ginawa nilang ito.

121. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong ikaw ay umalis mula sa iyong tahanan na nakasuot ng pandigmaang kasuotan, na isinasaayos mo ang mga hanay ng kawal ng iyong mga '*Sahâbah*' (kasamahan) at inilalagay mo ang bawa't isa sa karapat-dapat na kalagyan nito, upang harapin (sagupain) ang mga walang pananampalataya sa Labanan sa `Uhud. At katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee`***' – Ganap na Nakakarinig ng inyong mga sinasabi, na '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam ng inyong mga ginagawa.



122. Alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ) ang nangyari sa '*Bani*' (*angkan ng*) '*Salamah*' at '*Bani Harithah*,' noong inudyukan ang kanilang mga sarili na bumalik kasama ang kanilang pinuno na '*Munâfiq*' (mapagkunwari) na si `Abdullah ibn `Ubay, dahil takot silang harapin ang kalaban; subali't sila ay pinangalagaan ng Allâh, iniligtas at nagpatuloy sila na kasama ka, na ipinaubaya na nila ang kanilang sarili sa Allâh (ﷻ). At samakatuwid, sa Allâh (ﷻ) nararapat na ituon ng mga mananampalataya ang kanilang pagtitiwala.

123. At katiyakan na pinagwagi kayo ng Allâh (ﷻ), O kayong mga mananampalataya sa Labanan sa '*Badr*' laban sa inyong mga kalaban na mga '*Mushrikin*,' kahit na kakaunti ang inyong bilang at ang inyong mga sandata; na kung kaya, katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsasagawa sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal, nang sa gayon ay matuto kayong tumanaw ng utang na loob sa Kanyang mga biyaya at kagandahang-loob.

124. Alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang nangyari sa mga tagasunod mo sa Labanan sa '*Badr*,' noong naging mahirap sa kanila nang dumating ang mga puwersa ng mga '*Mushrikin*.' Na kung kaya, nagpahayag Kami sa iyo na sabihin sa kanila na: "*Hindi pa ba sapat sa inyo bilang tulong mula sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha* (*Allâh* ﷻ) *na Siya ay magpapadala ng 3,000 mga anghel na bababa mula sa kalangitan patungo sa lugar ng labanan para panatilihin kayo at makipaglaban na kasama ninyo?*"

125. Katiyakan, sapat na sa inyo ang ganitong tulong. At ang isa pang magandang balita para sa inyo ay kapag natiis ninyo at kayo ay naging matatag sa pagsagupa sa kalaban, at natakot kayo sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Kanyang mga ipinag-uutos sa inyo at pag-iwas sa mga ipinagbabawal Niya sa inyo, at darating ang mga walang pananampalataya mula sa Makkah nang mabilisan para makipagsagupa sa inyo na iniisip nila na malulupig nila kayo, subali't katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ay magpapadala sa inyo ng 5,000 mga anghel na may marka ang kanilang mga sarili at mga kabayo na may malinaw na mga tanda.

126. At hindi ginawa ng Allâh (ﷻ) ang pagpapadala ng ganitong mga tulong sa inyo na mga anghel kundi upang pasiglahin kayo ng mga magagandang balita at papanatagin ang inyong mga kalooban at titiyakin sa inyo ang pangako ng Allâh (ﷻ). Samakatuwid, ang pagkapanalo ay nagmumula lamang sa Allâh (ﷻ) na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan at walang sinuman ang makalulupig sa Kanya, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa at gawain.

127. At ang nangyari na pagkapanalo na ginawa ng Allâh (ﷻ) sa inyo sa Labanan sa '*Badr*,' ay upang mawasak ang grupo ng mga '*Kuffar*' (walang pananampalataya) sa pamamagitan ng kanilang pagkamatay; at sinuman ang nakaligtas sa kanila (roon) mula sa kamatayan, babalik siya (sa kanilang lugar) na may lungkot, at parang pinipiga siya sa pagkabigo, at makikita sa kanya ang pagkahamak at pagkapahiya.

128. Hindi ikaw, O Muhammad (ﷺ), ang magpapasiya para sa mga alipin ng Allâh, kundi ang buong pagpapasiya ay nagmumula lamang sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi at Walang Katambal; at maaari roon sa ilan na nakipaglaban sa inyo ay bubuksan ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso sa Islâm at yayakap sila at patatawarin sila ng Allâh (ﷻ). Subali't sinuman ang manatili sa pagtanggi ay paparusahan sila ng Allâh (ﷻ) dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay dahil sa sukdulan nilang kasamaan at paglabag.

129. At Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang mga nasa kalangitan at kalupaan, pinatatawad Niya ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin bilang awa; at pinaparusahan Niya ang sinuman na Kanyang nais nang makatarungan. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng Kanyang mga alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

130. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Iwasan ninyo ang pagpapatubo sa pautang ('*Ribâ*') sa lahat ng uri nito, at huwag kayong kumuha ng dagdag sa inyong pinautang maliban sa kung ano lamang ang inutang sa inyo, kahit na gaano ito kaliit. Kung gayon, paano pa kaya kung ang tubo ay patung-patong sa tuwing sasapit ang bayaran? At katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa pagsunod ng Kanyang batas na ang hangarin ay magtagumpay kayo rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

131. At katakutan ninyo ang Impiyerno at ilayo ninyo ang inyong mga sarili mula roon dahil ito ay inihanda para sa mga walang pananampalataya.

132. At sundin ninyo ang Allâh (ﷻ), O kayong mga naniwala sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng Kanyang ipinag-uutos, at pag-iwas sa lahat ng Kanyang ipinagbabawal – na katulad ng pagkain mula sa kinita sa patubuan at iba pa; at sumunod kayo sa Sugo upang kaawaan kayo ng Allâh (ﷻ) at hindi kayo paparusahan.

وَسَارِعُوٓا۟ إِلَىٰ مَغْفِرَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ وَجَنَّةٍ عَرْضُهَا
ٱلسَّمَٰوَٰتُ وَٱلْأَرْضُ أُعِدَّتْ لِلْمُتَّقِينَ ﴿١٣٣﴾ ٱلَّذِينَ يُنفِقُونَ
فِى ٱلسَّرَّآءِ وَٱلضَّرَّآءِ وَٱلْكَٰظِمِينَ ٱلْغَيْظَ وَٱلْعَافِينَ
عَنِ ٱلنَّاسِ ۗ وَٱللَّهُ يُحِبُّ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٣٤﴾ وَٱلَّذِينَ إِذَا
فَعَلُوا۟ فَٰحِشَةً أَوْ ظَلَمُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ ذَكَرُوا۟ ٱللَّهَ فَٱسْتَغْفَرُوا۟
لِذُنُوبِهِمْ وَمَن يَغْفِرُ ٱلذُّنُوبَ إِلَّا ٱللَّهُ وَلَمْ يُصِرُّوا۟ عَلَىٰ
مَا فَعَلُوا۟ وَهُمْ يَعْلَمُونَ ﴿١٣٥﴾ أُو۟لَٰٓئِكَ جَزَآؤُهُم مَّغْفِرَةٌ
مِّن رَّبِّهِمْ وَجَنَّٰتٌ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ
فِيهَا ۚ وَنِعْمَ أَجْرُ ٱلْعَٰمِلِينَ ﴿١٣٦﴾ قَدْ خَلَتْ مِن قَبْلِكُمْ سُنَنٌ
فَسِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ فَٱنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُكَذِّبِينَ
﴿١٣٧﴾ هَٰذَا بَيَانٌ لِّلنَّاسِ وَهُدًى وَمَوْعِظَةٌ لِّلْمُتَّقِينَ ﴿١٣٨﴾
وَلَا تَهِنُوا۟ وَلَا تَحْزَنُوا۟ وَأَنتُمُ ٱلْأَعْلَوْنَ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ
﴿١٣٩﴾ إِن يَمْسَسْكُمْ قَرْحٌ فَقَدْ مَسَّ ٱلْقَوْمَ قَرْحٌ مِّثْلُهُۥ ۚ
وَتِلْكَ ٱلْأَيَّامُ نُدَاوِلُهَا بَيْنَ ٱلنَّاسِ وَلِيَعْلَمَ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ
ءَامَنُوا۟ وَيَتَّخِذَ مِنكُمْ شُهَدَآءَ ۗ وَٱللَّهُ لَا يُحِبُّ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٤٠﴾

133. At magsipag-unahan kayo sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, nang sa gayon ay makamtan ninyo ang lubos na kapatawaran mula sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha. At ang lawak ng isang '*Jannah*' ay kasinglawak ng mga kalangitan at kalupaan na inihanda para sa mga '*Al-Muttaqin*.'

134. Yaong ginugugol nila ang kanilang kayamanan sa panahon ng kasaganaan at kagipitan, at yaong napipigilan nila ang kanilang mga sarili kapag sila ay nagagalit sa pamamagitan ng pagtitimpi, at kapag nagapi nila ang nagkasala ay pinatatawad nila – ganito ang tunay na pagiging mabuti, na naiibigan ng Allâh (ﷻ) ang nagtatangan ng mga ganitong pag-uugali.

135. At ang mga yaong mananampalataya, kapag sila ay nakagawa ng malaking kasalanan o nadaya nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsagawa ng maliit na kasalanan, ay naaalaala nila ang pangako at babala ng Allâh (ﷻ); na kung kaya, nanunumbalik sila sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha (Allâh ﷻ) na nagsisisi, na hinihiling nila ang kapatawaran para sa kanilang pagkakasala, at sila ay nakatitiyak na walang maaaring magpatawad ng mga kasalanan kundi ang Allâh (ﷻ) lamang. Na kung kaya, hindi sila nananatili sa kanilang pagkakasala at batid nila na kapag sila ay nagsisi ay patatawarin sila ng Allâh (ﷻ).

136. Sila na nagtataglay ng mga ganitong dakilang katangian, ang gantimpala nila ay pagpapatawad ng Allâh (ﷻ) sa kanilang pagkakasala, at para sa kanila ay '*Al-Jannât*' – mga Hardin na may umaagos na mga ilog sa ilalim ng mga puno at palasyo nito, mananatili sila roon magpasawalang-hanggan, at ang pinakamaganda na gantimpala sa mga gumagawa ng kabutihan ay ang pagpapatawad at '*Al-Jannah*.'

137. Pinapaliwanagan ng Allâh (ﷻ) ang mga mananampalataya, noong sila ay sinubok sa Labanan sa ``*Uhud*' bilang pakikiramay sa kanila. Na walang pag-aalinlangan, nakaraan na ang panahon ng mga nauna sa inyo na mga tao; sinubukang mga naniwala mula sa kanila ng pakikipaglaban sa mga walang

pananampalataya at sila ay nagtagumpay. Samakatuwid, maglakbay kayo sa kalupaan upang makakuha kayo ng aral sa mga nangyari sa mga tumanggi at hindi naniwala sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo.

138. Ito ay Dakilang Qur'ân, ang paliwanag at gabay tungo sa katotohanan, (at isang) paalaala; nang sa gayon ay lumambot ang kalooban ng mga matatakutin sa Allâh (ﷻ). At sila ang tunay na natatakot sa Allâh (ﷻ) at ito ay para lamang sa kanila dahil sa sila ang makikinabang nito, hindi ang ibang tao.

139. Huwag kayong manghina, O kayong mga naniwala sa Allâh, sa pagkikipaglaban ninyo sa inyong mga kalaban at huwag kayong malungkot sa mga natamo ninyo sa ``*Uhud*' dahil kayo pa rin ang mananalo at magtatagumpay; kung kayo ay naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo.

140. Kung nagkaroon kayo ng mga pagsubok, O mga mananampalataya (na tulad) ng mga pagkasugat at pagkamatay sa Labanan sa ``*Uhud*' at ito ay inyong ikinalungkot; ay katiyakang ganoon din ang natamo ng mga '*Mushrikin*,' sila ay nagkaroon din ng mga pagkasugat at pagkamatay sa Labanan sa '*Badr*.'

At yaon ay mga pana-panahon na ibinabahagi ng Allâh (ﷻ) sa tao, minsan ay pagkapanalo at minsan ay pagkatalo; at sa mga pangyayaring ito ay mayroong nais iparating ang Allâh (ﷻ) na mga karununga, nang sa gayon ay mapahiwalay ang mga taong naniwala mula sa mga hindi naniwala. At pinarangalan ang mga tao mula sa inyo ng pagka-'*Shaheed*' – pagkamatay sa labanan sa Daan ng Allâh.

At ang Allâh (ﷻ) ay hindi nagmamahal sa mga taong gumawa ng sukdulang kasamaan sa kanilang mga sarili at nanatili na hindi sumasama sa pakikipaglaban sa Daan ng Allâh.



141. At ang pagkatalong yaon na nangyari sa ‘`*Uhud*’ ay upang subukin, salain at linisin ang mga mananampalataya; at ilayo sila sa mga mapagkunwari, at wasakin ang mga walang pananampalataya.

142. O mga tagasunod ni Muhammad, iniisip ba ninyo na kayo ay makapapasok sa ‘*Jannah*’ nang hindi kayo susubukin sa pakikipaglaban at paghihirap? Hindi maaari sa inyo na makapasok doon hanggang hindi kayo sinusubok at palitawin ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan nito kung sino ang tunay na ‘*Mujâhidîn*’ sa inyo (nakipaglaban o nagpunyagi sa Daan ng Allâh), ang mga matiisin, at mga matatag sa pakikipagsagupaan sa kalaban.

143. At katiyakan! Kayo na mga naniniwala sa Allâh, noong bago nangyari ang Labanan sa ‘`*Uhud*,’ inaasam-asam ninyo ang pakikipagtagpo sa kalaban upang matamo ninyo ang karangalan ng pakikipaglaban at pagkamatay nang alang-alang sa Allâh, na natamo ng inyong mga kapatid sa Labanan sa ‘*Badr*.’ At ito na, nangyari na nga ang inyong mga inaasam-asam at hinahangad; samakatuwid, kayo ay makipaglaban na at maging matatag.

144. At si Muhammad (ﷺ) ay hindi hihigit kaysa sa isang Sugo, na katulad ng lahat ng mga Sugo na nauna sa kanya, na ipinararating niya ang mensahe mula sa Allâh (ﷻ) na kanyang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha.

Na kung kaya, kapag siya ay namatay o di kaya ay napatay ng mga kalaban na katulad ng kanilang ipinamamalita, babalik ba kayo at tatalikuran ninyo ang inyong ‘*Deen*’ at iiwanan ninyo ang mensaheng dinala sa inyo ng inyong Propeta?

Subali’t, sa sinuman sa inyo na iiwanan niya ang kanyang ‘*Deen*,’ kailanman ay hindi siya makagagawa ng kapinsalaan sa Allâh (ﷻ) nang kahit na katiting, bagkus ang pinipinsala niya lamang nang malaking pagkakapinsala ay ang kanyang sarili. Nguni’t sinuman ang mananatili sa paniniwala at tumanaw ng utang na loob sa kanyang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, sa biyaya ng Islâm, katiyakang gagantimpalaan siya ng Allâh (ﷻ) ng mabuting gantimpala.

145. Kailanman ay hindi mamamatay ang sinuman kung hindi kagustuhan ng Allâh (ﷻ) na Kanyang itinakda, at hanggang sa matapos niya ang panahon na itinakda sa kanya ng Allâh (ﷻ) sa kanyang talaan.

At sinuman ang maghahangad ng makamundo sa kanyang mabuting gawa, ipagkakaloob Namin sa kanya ang lahat ng nakatakda na kabuhayan para sa kanya at sa Kabilang-Buhay ay wala na siya na anumang parte (o bahagi).

At sino naman ang maghahangad ng gantimpala sa Kabilang-Buhay sa kanyang mabuting gawa, ipagkakaloob Namin sa kanya ang kanyang kahilingan at ipagkakaloob Namin sa kanya ang masaganang gantimpala kasama ang anumang itinakda sa kanya na kabuhayan dito sa mundo, dahil siya ay nagpasalamat sa pamamagitan ng pagsunod at pagsagawa ng '*Jihâd*;' at walang pag-aalinlangan, ginagantimpalaan Namin ng mabuti ang tumatanaw ng utang na loob.

146. Marami sa mga naunang mga Propeta ang nakipaglaban kasama ang kanilang maraming mga grupo na mga tagasunod, at hindi sila nanghina sa anumang pagsubok na nangyari sa kanila, na pagkasugat at pagkamatay, dahil sa ito ay alang-alang sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

At hindi sila nanghina at hindi sila sumuko sa kanilang mga kalaban; bagkus ay tiniis nila kung anuman ang mga tinamo nila na mga pagsubok. At ang Allâh (ﷻ) ay nagmamahal sa mga matiisin.

147. At walang sinasabi ang mga matiisin o binibigkas, kundi: "*O aming* '*Rabb!*' *Patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan at sa kung anuman na aming nagawa na pagmamalabis sa alituntunin ng aming* '*Deen*,' *patatagin Mo ang aming mga paa nang sa gayon ay hindi kami tatakbo mula sa pakikipaglaban at ipagkaloob Mo sa amin ang tagumpay laban sa mga tumanggi sa Iyong Kaisahan at sa pagiging Propeta ng Iyong mga Propeta*."

148. Na kung kaya, ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa mga yaong matiisin ang gantimpala rito sa mundo na pagtatagumpay laban sa kanilang mga kalaban, at pangingibabaw nila rito sa daigdig; at dakilang gantimpala sa Kabilang-Buhay ng kasaganaan sa mga Hardin.

At ang Allâh (ﷻ) ay nagmamahal sa sinuman sa Kanyang mga alipin na '*Al-Muhsinûn*' – gumagawa ng kabutihan nang alang-alang sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at napakagaling ang Kanyang pakikitungo sa Kanyang mga nilikha.

149. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, kung susundin ninyo ang mga tumanggi mula sa Aking karapatan na pagiging '*Ilâh*' na karapat-dapat na sambahin at hindi naniwala sa Aking mga Sugo, na mga Hudyo, mga Kristiyano, mga mapagkunwari at mga pagano, sa kung ano ang ipinag-uutos nila sa inyo at sa kung ano ang kanilang ipinagbabawal sa inyo, (kung susundin ninyo sila ay) ililigaw nila kayo mula sa Matuwid na Landas at matatalikuran ninyo ang inyong '*Deen*;' na kung kaya, babalik kayo sa malinaw na pagkatalo at walang pag-aalinlangan na isang tiyak na kapahamakan.

150. Sila sa katotohanan ay hindi makatutulong sa inyo, bagkus ang Allâh (ﷻ) ang Siyang inyong Tagapagtaguyod. At Siya ang pinakamabuting Tagapagtaguyod at hindi Siya nangangailangan ng sinuman na Kanyang makatutulong.

151. Walang pag-aalinlangan, ilalagay Namin sa mga puso ng mga walang pananampalataya ang matinding sindak at takot, dahil sa kanilang ginawang '*Shirk*' (pagtambal o pagsamba ng iba), na kanilang mga inangkin na sinasamba nang wala silang patunay at katibayan na yaon ang karapat-dapat na sambahin bilang katambal ng Allâh.

Na kung kaya, ang magiging kalagayan nila dito sa mundo ay sindak, takot sa mga mananampalataya; at sa Kabilang-Buhay naman, ang kanilang magiging tahanan ay Impiyerno dahil sa kanilang pagiging masama at pang-aapi. Ito ang pinakamasamang hantungan para sa kanila.

152. At katiyakan, tinupad ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang Kanyang pangako na pagtatagumpay noong kayo ay nakipaglaban sa mga walang pananampalataya sa ``*Uhud*' sa Kanyang kagustuhan, hanggang kayo ay natakot at nanghina sa pakikipaglaban at hindi kayo nagkasundu-sundo, na kung kayo ba ay mananatili sa inyong kinaroroonan o di kaya ay inyong lilisanin ito upang magtamasa ng mga '*ghanâim*' kasama ang mga nagtamasa nito?

At nilabag ninyo ang kautusan ng inyong Sugo na nagsabi sa inyo na huwag kayong aalis sa inyong mga kinalalagyan anuman ang mangyari; na kung kaya, dumating sa inyo ang pagkatalo pagkatapos ninyong matanaw ang inaasam ninyo na pagkapanalo, at lumitaw mula sa inyo ang sinuman na ang nais lamang ay mga '*ghanâim*' at sa sinuman na ang hangarin ay gantimpala sa Kabilang-Buhay, pagkatapos ay sinanhi ng Allâh (ﷻ) na kayo ay umiwas sa inyong mga kalaban upang kayo ay subukan; at katotohanan, batid ng Allâh (ﷻ) ang inyong panghihinayang at pagsisisi, na kung kaya, kayo ay Kanyang pinatawad; at ang Allâh (ﷻ) ay Labis ang Kanyang Kabaitan sa mga mananampalataya.

153. Alalahanin ninyo, O mga tagasunod ni Muhammad, ang nangyari sa inyo noong kayo ay nag-umpisa sa pag-akyat sa bundok at tumakas sa inyong kalaban, at hindi na kayo lumilingon kahit kanino dahil sa inyong matinding pagkagulat, sindak at takot.

Subali't ang *Rasulullâh* (Sugo ng Allâh) ay nanatili sa labanan, na nanawagan sa inyo mula sa inyong likuran na nagsasabi: "*Halina kayo mga alipin ng Allâh*," subali't hindi ninyo naririnig at hindi kayo lumilingon; na samakatuwid, ang napala ninyo mula sa Allâh (ﷻ) ay magkakasunod na pagdurusa, kagipitan at pangamba; bilang kabayaran sa pagsuway ninyo sa kautusan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo, upang turuan kayo na hindi manghinayang sa kung anumang hindi nangyari sa inyo na pagkapanalo at pagkamit ng '*ghanîmah*;' at ganoon din sa nangyari sa inyo na pagkatakot at pagkatalo.

At ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid ang lahat ng inyong mga ginagawa at walang anumang naililihim sa Kanya.

154. Subali't pagkatapos nito, dahil sa awa ng Allâh (ﷻ) sa mga mananampalataya na malinis ang kanilang kalooban, inilagay ng Allâh (ﷻ) sa kanilang mga puso ang kapanatagan at kasiguruhan sa pangako ng Allâh (ﷻ), pagkatapos nangyari sa kanila ang mga kalungkutan at pagdadalamhati; at dahil doon, sinanhi ng Allâh (ﷻ) na antukin ang mga grupo ninyo – sila ay yaong dalisay at nakatitiyak sa kanilang mga sarili; subali't ang ibang grupo na ang iniisip lamang nila ay ang kaligtasan ng kanilang mga sarili, at humina ang kanilang mga kalooban, at naging abala sila sa kanilang mga sarili lamang, at nag-isip sila ng masama laban sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, sa Kanyang '*Deen*,' at sa Kanyang Propeta; at iniisip nila na ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya maipagpapatuloy ang paghahayag ng mensahe ng Kanyang Sugo, at ang Islâm ay hindi na mananatili. Na kung kaya, makikita ninyo sila na pinagsisihan ang kanilang pagsama sa labanan, na sinasabi nila sa isa't isa: "*Nagkaroon ba tayo ng kalayaan? Binigyan ba tayo ng kalayaan na pumili sa pagsama natin sa labanan?*"

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), "*Katiyakan*, *ang lahat ng pangyayari ay nasa pangangasiwa at pagmamay-ari ng Allâh* (ﷻ), *na Siya ang nagtakda na kayo ay lalabas at sa anumang nangyari sa inyo*," subali't sila ay mayroong kinikimkim sa kanilang mga sariling kalooban na hindi inilalantad sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na panghihinayang dahil sa kanilang pagsama sa pakikipaglaban, sinasabi nila: "*Kung mayroon lamang tayo na kahit na kaunting karapatan na pumili ay walang sinuman ang mamamatay sa atin dito*."

Sabihin mo sa kanila: "*Katiyakan*, *ang kamatayan ay nasa kamay ng Allâh* (ﷻ), *kahit na kayo ay nasa inyong mga tahanan at kung itinakda ng Allâh* (ﷻ) *na kayo ay mamamatay*, *tiyak na lilitaw ang sinuman na itinakda sa kanya ang kamatayan tungo sa kung saan sila mamamatay*. *At hindi ito ginawa ng Allâh* (ﷻ) *kundi upang subukin kung ano ang nasa inyong mga kalooban na pag-aalinlangan at pagkukunwari*, *at upang maihiwalay ang masama sa mabuti*, *at mailantad ang*

sinumang tunay na naniniwala mula sa nagkukunwari na mga tao, *sa kanilang mga salita at mga gawa.*"

At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam kung ano ang niloloob ng Kanyang mga nilikha at walang anumang bagay ang naililihim sa Kanya sa anumang kanilang ginagawa.

155. Katiyakan, ang mga yaong tumakas mula sa inyo na mga tagasunod ni Muhammad (ﷺ) at tumalikod mula sa pakikipaglaban, sa araw ng sagupaan sa pagitan ng mga mananampalataya at ng mga '*Mushrikûn*' sa Labanan sa ' `*Uhud*, ' ang nagtulak sa kanila sa ganitong kasalanan ay walang iba kundi si '*Shaytân*' dahil sa ilang mga nagawa nilang kasalanan; at katiyakan, pinatawad sila ng Allâh (ﷻ) at hindi sila pinarusahan. Sapagka't ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa mga nagkasala na mga nagsisipagsisi, na '***Haleem***' – Ganap at Napakalawak ang Kanyang Pang-unawa at di-kaagad nagpapataw ng kaparusahan sa sinumang lumabag.

156. O kayo na mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Huwag ninyong gayahin ang mga walang pananampalataya na hindi naniwala sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, dahil sinasabi nila sa kanilang kapwa kapatid na walang pananampalataya, na kapag sila ay lumabas at naghanap ng kabuhayan sa kalupaan o di kaya ay sumama sa mga nakipaglaban at pagkatapos ay namatay o napatay: "*Kung hindi lamang lumabas ang mga yaon at hindi nakipaglaban*, *bagkus ay nanatili lamang na kasama namin*, *ay hindi sila namatay o mapapatay*."

At ito ang salita na nagdulot sa kanila ng pagdurusa, pagdadalamhati at panghihinayang sa kanilang mga puso, subali't ang mga mananampalataya ay nakatitiyak na ito ay itinakda ng Allâh (ﷻ); na kung kaya, ginabayan ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso at pinagaan sa kanila ang mga pagsubok; at ang Allâh (ﷻ), pinapanatili Niyang buhay ang sinuman na nakatakda pa sa kanya ang buhay – manlalakbay man ito o nakikipaglaban – at sinasanhi Niya na mamatay ang sinuman na natapos na niya ang kanyang buhay (dito sa daigdig), kahit pa, na siya ay nakatigil lamang sa kanyang tahanan. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Ganap na Tagapagmasid sa lahat ng inyong mga ginagawa at sa pamamagitan nito kayo ay pagbabayarin.

157. At kung kayo ay napatay, O mga mananampalataya, habang kayo ay nakikipaglaban nang alang-alang sa Allâh o namatay kayo sa oras ng labanan; walang pag-aalinlangan na patatawarin ng Allâh (ﷻ) ang inyong mga kasalanan at ipagkakaloob sa inyo ang awa mula sa Kanya, nang sa gayon ay makamtan ninyo ang masaganang buhay sa mga Hardin at ito ay higit pa kaysa makamundo at sa anuman na natatamasa ng lahat ng mga nagpunyagi para rito.



158. At kapag kayo ay namatay dito sa mundo: namatay man kayo sa inyong higaan o namatay kayo sa pakikipaglaban, ay sa Allâh (ﷻ) pa rin kayo magtitipun-tipon at papagbabayarin (papananagutin) Niya kayo batay sa inyong mga nagawa.

159. Dahil sa awa mula sa Allâh (ﷻ) para sa iyo at sa iyong mga tagasunod, O Muhammad (ﷺ), ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa iyo ang pagiging mahinahon sa iyong pakikitungo sa kanila; at kung naging masama (lamang) ang iyong pag-uugali sa kanila at naging matigas ang iyong puso, lalayo sa iyo ang iyong mga tagasunod; kung gayon, huwag mo silang sisihin sa nangyari sa kanila sa ‘`*Uhud*’ at hilingin mo sa Allâh (ﷻ) na patawarin sila; at sumangguni ka sa kanila sa mga pangyayari na kailangan mo ang kanilang mga payo, subali’t kapag pinagpasiyahan mo na ang anumang bagay pagkatapos mong humingi ng payo (sa kanila) ay magpatuloy ka na, na ipinagkakatiwala mo sa Allâh (ﷻ) ang lahat; katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay nagmamahal sa mga nagtitiwala sa Kanya.

160. Kapag ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang tagumpay at ang Kanyang tulong, walang sinupaman ang makatatalo sa inyo; subali’t kapag pinahamak kayo, sino pa kaya ang maaaring makapag-ahon sa inyo sa kapahamakan? Samakatuwid, sa Allâh (ﷻ) lamang nagtitiwala ang mga mananampalataya.

161. At hindi maaari sa Propeta na dayain niya ang kanyang mga tagasunod, na kukuha siya mula sa ‘*ghanîmah*’ maliban sa bahagi (o parte) na para lamang sa kanya, at sinuman ang gagawa nito mula sa inyo ay dadalhin niya ito sa Araw ng Muling Pagkabuhay upang siya ay ipahiya sa Araw na marami ang sasaksi, pagkatapos ay ipagkakaloob sa bawa’t isa ang kabayaran ayon sa kanyang natamo na gawain nang buung-buo, hindi kukulangan at hindi siya dadayain.

162. Hindi maaari na magkatulad ang sinumang naghangad sa pagmamahal ng Allâh at sa sinuman na nalulong sa mga kasalanan na magiging sanhi ng pagkagalit ng kanyang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha; sa kadahilanang ito, siya ay

karapat-dapat na manirahan sa Impiyernong-Apoy na isang napakasamang patutunguhan.

163. Ang mga maninirahan sa '*Al-Jannah*' na sumusunod sa lahat ng ikinalulugod ng Allâh (ﷻ) ay nasa iba't iba ang kanilang antas, at (gayundin) ang maninirahan sa Impiyerno na isinagawa ang kung ano ang ikinagagalit ng Allâh (ﷻ), ay nasa iba't iba (rin) ang kanilang antas-na-pababa na kalalagyan, na nasa kaila-ilaliman ng Impiyerno, na sila ay hindi magkakatulad (yaong mabubuti at masasama). At ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Ganap na Nakakakita ng kanilang ginagawa at walang naililihim na anuman sa Kanya.

164. Walang pag-aalinlangan, ginawaran (pinagkalooban) ng dakilang kagandahang-loob ang mga mananampalataya mula sa mga Arabo, noong ipinadala sa kanila ang Sugo na mula sa kanila, na bumibigkas sa kanila ng mga talata ng Dakilang Qur'ân, at nililinis sila mula sa '*Shirk*' (pagtatambal o pagsamba ng iba) at masasamang pag-uugali, at itinuturo sa kanila ang Kabanal-banalan na Qur'ân at '*Sunnah*;' samantalang noong bago dumating sa kanila ang Sugo ay nasa pagkaligaw sila at malinaw na kamangmangan.

165. (Bakit ganoon?) Noong nangyari sa inyo – O kayong mga mananampalataya – ang isang pagsubok, na ito ay yaong natamo ninyo noon sa Labanan sa '`*Uhud*,' samantalang doble ang natamo ng mga '*Mushrikûn*' mula sa inyo noon sa Labanan sa '*Badr*,' ay inyong sinabi na may pagkamangha: "*Paano ito nangyari gayong kami ay mga Muslim at ang Sugo ng Allâh ay nasa amin*, *samantalang sila ay mga* '*Mushrikûn?*'"

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang nangyaring pagsubok na ito ay nagmula* (*rin naman*) *sa inyong mga sarili dahil sa paglabag ninyo sa kautusan ng inyong Sugo at sa pagtuon na inyong ginawa upang makamit ang mga* '*ghanâim.*'"

Katiyakang ang Allâh (ﷻ), ginagawa Niya ang anuman na Kanyang nais at nagpapasiya nang anuman na Kanyang nais at walang sinuman ang maaaring makapagbago ng Kanyang pinagpasiyahan.


وَمَآ أَصَـٰبَكُمْ يَوْمَ ٱلْتَقَى ٱلْجَمْعَانِ فَبِإِذْنِ ٱللَّهِ وَلِيَعْلَمَ ٱلْمُؤْمِنِينَ
١٦٦ وَلِيَعْلَمَ ٱلَّذِينَ نَافَقُوا۟ ۖ وَقِيلَ لَهُمْ تَعَالَوْا۟ قَـٰتِلُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ
أَوِ ٱدْفَعُوا۟ ۖ قَالُوا۟ لَوْ نَعْلَمُ قِتَالًا لَّا ٱتَّبَعْنَـٰكُمْ ۗ هُمْ لِلْكُفْرِ
يَوْمَئِذٍ أَقْرَبُ مِنْهُمْ لِلْإِيمَـٰنِ ۚ يَقُولُونَ بِأَفْوَٰهِهِم مَّا لَيْسَ
فِى قُلُوبِهِمْ ۗ وَٱللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا يَكْتُمُونَ ١٦٧ ٱلَّذِينَ قَالُوا۟ لِإِخْوَٰنِهِمْ
وَقَعَدُوا۟ لَوْ أَطَاعُونَا مَا قُتِلُوا۟ ۗ قُلْ فَٱدْرَءُوا۟ عَنْ أَنفُسِكُمُ
ٱلْمَوْتَ إِن كُنتُمْ صَـٰدِقِينَ ١٦٨ وَلَا تَحْسَبَنَّ ٱلَّذِينَ قُتِلُوا۟ فِى
سَبِيلِ ٱللَّهِ أَمْوَٰتًۢا ۚ بَلْ أَحْيَآءٌ عِندَ رَبِّهِمْ يُرْزَقُونَ ١٦٩ فَرِحِينَ
بِمَآ ءَاتَىٰهُمُ ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦ وَيَسْتَبْشِرُونَ بِٱلَّذِينَ لَمْ يَلْحَقُوا۟
بِهِم مِّنْ خَلْفِهِمْ أَلَّا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ١٧٠
يَسْتَبْشِرُونَ بِنِعْمَةٍ مِّنَ ٱللَّهِ وَفَضْلٍ وَأَنَّ ٱللَّهَ لَا يُضِيعُ أَجْرَ
ٱلْمُؤْمِنِينَ ١٧١ ٱلَّذِينَ ٱسْتَجَابُوا۟ لِلَّهِ وَٱلرَّسُولِ مِنۢ بَعْدِ مَآ
أَصَابَهُمُ ٱلْقَرْحُ ۚ لِلَّذِينَ أَحْسَنُوا۟ مِنْهُمْ وَٱتَّقَوْا۟ أَجْرٌ عَظِيمٌ ١٧٢
ٱلَّذِينَ قَالَ لَهُمُ ٱلنَّاسُ إِنَّ ٱلنَّاسَ قَدْ جَمَعُوا۟ لَكُمْ فَٱخْشَوْهُمْ
فَزَادَهُمْ إِيمَـٰنًا وَقَالُوا۟ حَسْبُنَا ٱللَّهُ وَنِعْمَ ٱلْوَكِيلُ ١٧٣

166. At ang anumang natamo ninyo na mga sugat o pagkamatay sa Labanan sa ‘`*Uhud*,’ sa Araw ng sagupaan sa pagitan ng grupo ng mga mananampalataya at sa grupo ng mga ‘*Mushrikin*;’ at ang nangyari na pagkapanalo ng mga mananam-palataya sa unang pagkakataon, pagkatapos ay nanalo (naman) ang mga ‘*Mushrikin*’ sa ikalawang pagkakataon, ang lahat ng ito ay pinagpasiyahan at itinakda ng Allâh (ﷻ) upang palitawin sa pama-magitan nito kung sino ang tunay na nananampalataya sa Allâh.

167. At palitawin kung sino ang mga mapagkunwari, na inilantad ng Allâh (ﷻ) ang niloloob ng kanilang mga puso, noong sinabi ng mga mananampalataya sa kanila: “*Halina makipaglaban kayo na kasama namin alang-alang sa Allâh* (ﷻ) *o di kaya ay maging kaagapay namin kayo para dumami ang ating mga bilang*.” Sabi nila: “*Kung alam lamang namin na kayo ay makikipaglaban*, *sasama kami sa inyo laban sa kanila*,” subali’t sila ay mas malapit sa paglabag sa araw na yaon kaysa paniniwala dahil sinasabi nila sa pamamagitan ng kanilang mga bibig ang wala naman sa kanilang mga puso. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang ‘***`Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam kung ano ang kinikimkim nila sa kanilang mga kalooban.

168. Iyan sila na mga ‘*Munâfiqun*’ (mapagkunwari), na nagpaiwan at sinabi nila sa kanilang mga kapatid (na mapagkunwari rin) na sinubukan, dahil kinamatayan sila na kasama ang mga Muslim sa kanilang pakikipaglaban sa mga ‘*Mushrikûn*’ sa ‘`*Uhud*:’ “*Na kung sinunod lamang kami ng mga yaon ay hindi sila mamamatay*,” sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): “*Ilayo ninyo ang inyong mga sarili mula sa kamatayan kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin*, *na kung sumunod* (*lamang*) *sila sa inyo ay hindi sila mamamatay at kayo ang nakaligtas dahil sa inyong pagpapaiwan*.”

169. At huwag mong isipin, O Muhammad (ﷺ), na yaong mga namatay sa pakikipaglaban alang-alang sa Allâh, na sila ay mga patay, na wala silang nararamdaman, bagkus sila ay buhay na buhay sa libingan na kasama ng kanilang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha dahil sa Kanya sila ay nakipaglaban at namatay alang-

alang sa Kanya, at patuloy ang pagkakaloob sa kanila ng kabuhayan sa '*Al-Jannah*,' habang sila ay nasa '*Barzakh*' at ipalalasap sa kanila ang kasiyahan.

170. Katiyakan, saklaw sila ng lubos na kaligayahan noong ipinagkaloob na ito sa kanila ng Allâh (ﷻ), at pinagkalooban sila mula sa Kanyang dakilang kagandahang-loob at malawak na kabaitan ng walang-hanggang kasaganaan, at pagmamahal na kalugud-lugod sa kanilang paningin; at sila ay nasisiyahan sa kanilang mga kapatid na nakikipaglaban na kanilang iniwanan na mga buhay, dahil sila ay magtatagumpay din na katulad ng tagumpay na kanilang nakamit, dahil sa alam nila, na tiyak na makakamit ng kanilang mga kapatid ang anumang nakamit nila na kabutihan, kapag sila ay namatay nang alang-alang sa Allâh (ﷻ) na malinis ang kanilang kalooban; at katiyakan na wala silang dapat katakutan sa mangyayari sa kanila sa Kabilang-Buhay, at hindi sila manghihinayang sa anumang hindi nila natamo rito sa daigdig.

171. At katiyakan, sila ay nasa lubos na kaligayahan sa mga ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila na walang-hanggang gantimpala; at katiyakang ang Allâh (ﷻ), hindi Niya babalewalain ang gantimpala ng mga naniwala sa Kanya, kundi ito ay Kanyang palalaguin at daragdagan mula sa Kanyang kagandahang-loob.

172. Ang mga yaong tumugon sa panawagan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, at sila ay nagsipagtungo sa mga '*Mushrikûn*' na nasa '*Hamra Al-Asad*' pagkatapos nilang matalo sa Labanan sa ``*Uhud*,' at kahit na sila ay nagdurusa at sugatan ay ginawa nila ito sa abot ng kanilang makakaya at nagpasailalim sila sa patnubay ng kanilang Propeta, ang para sa mga mababuti at matatakutin sa Allâh (ﷻ) mula sa kanila, ay dakilang gantimpala.

173. At sila ay yaong sinabihan ng ilan sa mga pagano: "*Katiyakan*, *si Abu Sufyan at ang kanyang mga kasamahan ay nagkaisa na babalikan kayo upang lupigin*, *na kung kaya ay maging maingat kayo at katakutan ninyo ang pakikipagsagupa sa kanila*, *dahil wala pa kayong lakas para lumaban sa kanila*," subali't ang mga ganoong pananakot ay higit pang nagpapanatag at nagpatibay sa kanilang paniniwala sa pangako ng Allâh (ﷻ) sa kanila at hindi (man lamang) nagpahina ng kanilang katatagan; kung kaya, nagpatuloy sila sa kung ano ang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) at sinabi nila: "*Ipinaubaya namin ang aming mga sarili sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang* '***Al-Wakeel***' *– ang Ganap na Tagapagkupkop*, *Tagapangalaga*, *nasa Kanya ang lahat ng Pangangasiwa sa Kanyang mga alipin.*"



174. At sila ay bumalik mula sa '*Hamra Al-Asad*' tungo sa '*Al-Madinah*' na may kasamang biyaya ng maraming gantimpala, at kagandahang-loob mula sa Allâh (ﷻ) ng mataas na antas at karangalan.

Samakatuwid, mas lalong narag-dagan ang tibay ng kanilang paniniwala at kapanatagan, at nagapi nila ang kalaban ng Allâh, nanalo sila sa kanilang kalaban nang walang namatay at walang pakikipaglaban, at sinunod nila ay ang gawain na kalugud-lugod sa Allâh (ﷻ) na ito ay pagsunod sa Kanya at pagsunod sa Kanyang Sugo. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Dhul Fadhlil `Adzeem***' – Ganap na Nagmamay-ari ng Napakadakilang Kagandahang-Loob na nasa kanila at nasa iba.

175. Walang pag-aalinlangan, ang pumigil sa inyo sa pangyayaring yaon ay si '*Shaytân*,' na dumating sa inyo para takutin kayo ng kanyang mga tagasunod; samakatuwid, huwag kayong matakot sa mga pagano ('*Mushrikin*') dahil sila ay mga mahihina at wala silang kakampi, Ako ang inyong katakutan sa pakikipagharap sa pamamagitan ng pagsunod sa Akin, kung kayo ay tunay na naniniwala sa Akin at sumusunod sa Aking Sugo.

176. Hindi ka dapat mangamba, O Muhammad (ﷺ), sa mga walang pananampalataya sa kanilang pagmamadali sa pagtanggi at pagkaligaw, dahil hindi nila makakanti ang Allâh (ﷻ), bagkus ang mapapahamak nila ay ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagkakait sa kanila ng tamis ng paniniwala at dakilang gantimpala, ninanais lamang ng Allâh (ﷻ) na wala silang mapapala na anumang gantimpala sa Kabilang-Buhay dahil tinanggihan nila ang panawagan ng katotohanan, at para sa kanila ay napakasidhing kaparusahan.

177. Katiyakan, yaong ipinagpalit ang paniniwala sa pagtanggi ay hindi nila makakanti ang Allâh (ﷻ) ni katiting, bagkus ang kapinsalaan na idinudulot ng kanilang gawa ay bumabalik sa kanilang mga sarili; at sa Kabilang-Buhay ay matinding kaparusahan ang para sa kanila.

178. At huwag isipin ng mga tumanggi sa paniniwala, na kung pinahahaba Namin ang kanilang buhay; at pinagbibigyan sila ng sarap sa makamundong buhay; at hindi Namin sila pinagbabayad sa kanilang pagtanggi at sa pagkakasala --- (huwag nilang isipin) na ito ay tiyak na nakabubuti sa kanilang mga sarili; bagkus ay inaantala (lamang) Namin ang pagpaparusa sa kanila at ang kanilang kamatayan, nang sa gayon ay lalo pa silang malulong sa sukdulang kasamaan at sukdulan na pagmamalabis, at ang para sa kanila ay kahabag-habag na kaparusahan.

179. Hindi maaari na pababayaan kayo ng Allâh (ﷻ), kayo na mga naniwala sa Kanya at sumunod sa Kanyang Sugo, sa inyong kalagayan, na walang katiyakan kung sino ang tunay na naniniwala at kung sino ang nagkukunwari (lamang), hanggang hindi Niya maihihiwalay ang masama sa mabuti, upang makilala kung sino ang nagkukunwari at kung sino naman ang tunay na naniniwala.

Kung kaya, hindi bahagi ng karunungan ng Allâh (ﷻ) na ipakita sa inyo – O kayong mga mananampalataya – ang mga lihim na Kanyang nalalaman hinggil sa Kanyang mga alipin, nang sa gayon ay malaman ninyo kung sino ang naniniwala at kung sino ang nagkukunwari, bagkus ang magpapahiwalay nito ay ang mga pagpapahirap at pagsubok; kaya nga lamang, ang Allâh (ﷻ), pumipili Siya mula sa Kanyang mga Sugo ng sinuman na Kanyang nais, upang ipakita kung ano ang kinikimkim ng iba sa kanilang mga kalooban sa pamamagitan ng Rebelasyon mula sa Kanya; samakatuwid, maniwala kayo sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, at kung kayo ay tunay na naniniwala at natatakot sa Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya, ang para sa inyo ay dakilang gantimpala mula sa Kanya (ﷻ).

180. At huwag isipin ng mga yaong nagdadamot sa mga biyaya na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila, bilang kagandahang-loob na ito ay nakabubuti sa kanila, bagkus ito ay nakasasama sa kanila, dahil ang kayamanan na kanilang inipon ay magiging kulyar (kuwintas) na gawa sa apoy na itatali sa kanilang leeg sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

At ang Allâh (ﷻ), Siya ang nagtatangan ng tunay na pagka-Hari, at Siya ay mananatili pagkatapos mawala ang lahat ng Kanyang mga nilikha, at Siya ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid ang lahat ng inyong mga ginagawa, at ginagantihan Niya ang bawa't isa ayon sa kanyang karapatan.

لَقَدْ سَمِعَ ٱللَّهُ قَوْلَ ٱلَّذِينَ قَالُوٓا۟ إِنَّ ٱللَّهَ فَقِيرٌ وَنَحْنُ أَغْنِيَآءُ ۘ سَنَكْتُبُ مَا قَالُوا۟ وَقَتْلَهُمُ ٱلْأَنۢبِيَآءَ بِغَيْرِ حَقٍّ وَنَقُولُ ذُوقُوا۟ عَذَابَ ٱلْحَرِيقِ ﴿١٨١﴾ ذَٰلِكَ بِمَا قَدَّمَتْ أَيْدِيكُمْ وَأَنَّ ٱللَّهَ لَيْسَ بِظَلَّٰمٍ لِّلْعَبِيدِ ﴿١٨٢﴾ ٱلَّذِينَ قَالُوٓا۟ إِنَّ ٱللَّهَ عَهِدَ إِلَيْنَآ أَلَّا نُؤْمِنَ لِرَسُولٍ حَتَّىٰ يَأْتِيَنَا بِقُرْبَانٍ تَأْكُلُهُ ٱلنَّارُ ۗ قُلْ قَدْ جَآءَكُمْ رُسُلٌ مِّن قَبْلِى بِٱلْبَيِّنَٰتِ وَبِٱلَّذِى قُلْتُمْ فَلِمَ قَتَلْتُمُوهُمْ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿١٨٣﴾ فَإِن كَذَّبُوكَ فَقَدْ كُذِّبَ رُسُلٌ مِّن قَبْلِكَ جَآءُو بِٱلْبَيِّنَٰتِ وَٱلزُّبُرِ وَٱلْكِتَٰبِ ٱلْمُنِيرِ ﴿١٨٤﴾ كُلُّ نَفْسٍ ذَآئِقَةُ ٱلْمَوْتِ ۗ وَإِنَّمَا تُوَفَّوْنَ أُجُورَكُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۖ فَمَن زُحْزِحَ عَنِ ٱلنَّارِ وَأُدْخِلَ ٱلْجَنَّةَ فَقَدْ فَازَ ۗ وَمَا ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَآ إِلَّا مَتَٰعُ ٱلْغُرُورِ ﴿١٨٥﴾ ۞ لَتُبْلَوُنَّ فِىٓ أَمْوَٰلِكُمْ وَأَنفُسِكُمْ وَلَتَسْمَعُنَّ مِنَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ مِن قَبْلِكُمْ وَمِنَ ٱلَّذِينَ أَشْرَكُوٓا۟ أَذًى كَثِيرًا ۚ وَإِن تَصْبِرُوا۟ وَتَتَّقُوا۟ فَإِنَّ ذَٰلِكَ مِنْ عَزْمِ ٱلْأُمُورِ ﴿١٨٦﴾

181. Katotohanan, dinig ng Allâh (ﷻ) ang sinabi ng mga Hudyo, noong sinabi nila: "*Katiyakan*, *ang Allâh ay Siyang nangangailangan sa amin*, *dahil kailangan Niya ang aming pautang at kami ay mayayaman.*"

Walang pag-aalinlangan, isusulat Namin ang anuman na kanilang sinabi at isusulat din Namin na sila ay sang-ayon sa pagpatay na ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga Propeta ng Allâh bilang sukdulang kasamaan at paglabag; at walang pag-aalinlangan na papagbabayarin Namin sila sa Kabilang-Buhay dahil sa kanilang ginawa at sasabihin Namin sa kanila habang sila ay pinaparusahan sa Impiyerno: "*Lasapin ninyo ang Impiyerno na nakasusunog*."

182. Yaon ang matinding kaparusahan dahil sa ginawa ninyong kasamaan dito sa buhay ninyo sa daigdig, na salita, gawa at paniniwala, at katiyakan na ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya dinadaya ang (Kanyang) mga alipin.

183. Silang mga Hudyo, noong sila ay hinikayat sa Islâm, sinabi nila: "*Katotohanan*, *ang Allâh ay nag-utos sa amin sa pamamagitan ng* '*Tawrah*' *na hindi kami maniniwala sa sinumang darating sa amin na magsasabi na siya ay Sugo mula sa Allâh*, *hanggang siya ay makapagdala ng alay o kawanggawa*, *bilang paghahandog para sa Allâh at bababa ang apoy mula sa langit at ito ay susunugin*."

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Kayo ba'y nagsisinungaling sa inyong mga sinasabi*, *dahil dumating sa inyong mga ninuno ang mga Sugo bago ako*, *na dala-dala nila ang mga palatandaan ng mga himala*, *na nagpapatotoo sa kanila at mayroon ding katulad ng sinasabi ninyo na nag-alay at kakainin* (*susunugin*) *ng apoy*, *subali't bakit pinatay ng inyong mga ninuno ang mga Propeta na yaon*, *kung kayo ay totoo sa inyong pag-angkin?*"

184. At kung pasisinungalingan ka, O Muhammad (ﷺ), ng mga Hudyo na iyan at ang iba pang mga walang pananampalataya, ay marami ring mga tumanggi sa

kanila na pinasinungalingan nila ang mga Sugo na nauna sa iyo, na dala-dala nila sa kanilang mga sambayanan ang '*Al-Bayyinat*' --- ang mga kamangha-mangha na mga himala, malinaw na mga katibayan at mga kasulatan na nagmula sa Allâh (ﷻ); na ito ay liwanag sa kadiliman at Aklat na malilinaw.

185. Ang bawa't may buhay ay matitikman ang kamatayan at sa pamamagitan nito babalik ang mga nilikha sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha upang sila ay hukuman. At walang pag-aalinlangan, makakamtan ninyo ang kabayaran sa inyong mga gawain nang buo at nang walang kakulang-kulang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

Samakatuwid, sinuman ang pinarangalan ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at iniligtas Niya sa Impiyerno at pinapasok Niya sa '*Al-Jannah*;' katiyakan, nakamtan niya ang sukdulang tagumpay na kanyang hinahangad, dahil ang buhay na makamundo ay isa lamang na mapanlinlang na kaligayahan na may hangganan; kung gayon, ay huwag kayong magpalinlang.

186. Walang pag-aalinlangan na susubukin kayo, O mga mananampalataya, sa inyong mga kayamanan sa pamamagitan ng paggasta nito ng obligado o kusang-loob, o sa pamamagitan ng mga kasiraan na dumarating sa inyong mga kayamanan; at ganoon din sa inyong mga sarili, sa mga ipinag-utos sa inyo na pagsunod at sa mga pangyayari na pagkasugat o pagkamatay at pagkawala ng mga mahal sa buhay; at ito ay nangyayari nang sa gayon ay maihiwalay ang tunay na naniwala mula sa iba.

At walang pag-aalinlangan, maririnig ninyo mula sa mga Hudyo, mga Kristiyano at mga pagano; ang di-kanais-nais sa inyong pandinig na mga salitang '*Shirk*' (pagtatambal o pagsamba ng iba) o paninira sa inyong '*Deen.*'

At kung matitiis ninyo, O kayong mga mananampalataya, ang lahat ng mga ito; at matakot kayo sa Allâh (ﷻ), at manatili sa pagsunod sa Kanya at sa pag-iwas sa paglabag sa Kanya; na katiyakang, ito ang mga bagay na dapat ninyong pagpunyagian at patatagin sa pamamagitan ng inyong mga matibay na pagpapasiya.


وَإِذْ أَخَذَ ٱللَّهُ مِيثَٰقَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ لَتُبَيِّنُنَّهُۥ لِلنَّاسِ
وَلَا تَكْتُمُونَهُۥ فَنَبَذُوهُ وَرَآءَ ظُهُورِهِمْ وَٱشْتَرَوْا۟ بِهِۦ ثَمَنًا
قَلِيلًا ۖ فَبِئْسَ مَا يَشْتَرُونَ ﴿١٨٧﴾ لَا تَحْسَبَنَّ ٱلَّذِينَ يَفْرَحُونَ
بِمَآ أَتَوا۟ وَّيُحِبُّونَ أَن يُحْمَدُوا۟ بِمَا لَمْ يَفْعَلُوا۟ فَلَا تَحْسَبَنَّهُم
بِمَفَازَةٍ مِّنَ ٱلْعَذَابِ ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١٨٨﴾ وَلِلَّهِ مُلْكُ
ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۗ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٨٩﴾ إِنَّ فِى
خَلْقِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَٱخْتِلَٰفِ ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ لَءَايَٰتٍ
لِّأُو۟لِى ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿١٩٠﴾ ٱلَّذِينَ يَذْكُرُونَ ٱللَّهَ قِيَٰمًا وَقُعُودًا
وَعَلَىٰ جُنُوبِهِمْ وَيَتَفَكَّرُونَ فِى خَلْقِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ
رَبَّنَا مَا خَلَقْتَ هَٰذَا بَٰطِلًا سُبْحَٰنَكَ فَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴿١٩١﴾
رَبَّنَآ إِنَّكَ مَن تُدْخِلِ ٱلنَّارَ فَقَدْ أَخْزَيْتَهُۥ ۖ وَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِنْ
أَنصَارٍ ﴿١٩٢﴾ رَّبَّنَآ إِنَّنَا سَمِعْنَا مُنَادِيًا يُنَادِى لِلْإِيمَٰنِ أَنْ
ءَامِنُوا۟ بِرَبِّكُمْ فَـَٔامَنَّا ۚ رَبَّنَا فَٱغْفِرْ لَنَا ذُنُوبَنَا وَكَفِّرْ عَنَّا
سَيِّـَٔاتِنَا وَتَوَفَّنَا مَعَ ٱلْأَبْرَارِ ﴿١٩٣﴾ رَبَّنَا وَءَاتِنَا مَا وَعَدتَّنَا
عَلَىٰ رُسُلِكَ وَلَا تُخْزِنَا يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۗ إِنَّكَ لَا تُخْلِفُ ٱلْمِيعَادَ ﴿١٩٤﴾

187. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong nakipag-kasundo ang Allâh (ﷻ) nang matibay na pakikipagkasunduan sa mga pinagkalooban ng Aklat – na '*Tawrah*' at '*Injeel*;' na ito ay susundin nila at ipaliliwanag nila sa mga tao ang nilalaman nito, at hindi nila ito ililihim at itatago sa kanila; subali't binalewala nila ang kasunduan at hindi nila ito isinagawa, at nagkamit sila ng maliit na halaga bilang kabayaran sa paglihim nila ng katotohanan at sa ginawa nilang pagbabago sa Aklat, kaya napakasama ng bentahan na kanilang ginawa dahil sa pagbalewala nila sa kasunduan at pagbago nila ng kasulatan.

188. At huwag isipin ng mga yaong nasisiyahan sa kanilang ginawa na mga masasama at karumal-dumal na gawain, na katulad ng mga Hudyo, mga mapagkunwari at iba pa; at nais nilang sila ay purihin ng mga tao sa mga bagay na hindi nila nagawa, at huwag mong isipin na sila ay makaliligtas mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) dito sa daigdig, at ang para sa kanila sa Kabilang-Buhay ay matinding kaparusahan.

Dito, sa talatang ito ay nagbibigay nang matinding babala sa sinumang gumagawa ng masama, na ipinangangalandakan niya ito at sa sinumang nagmamayabang sa mga bagay na hindi niya nagawa upang mapuri lamang siya ng tao.

189. At bukod-tangi na Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan at kalupaan at anumang nilalaman nito. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay.

190. Katiyakan, sa paglikha ng Allâh (ﷻ) ng mga kalangitan at kalupaan nang walang pinaggayahan, at sa pagpapalit ng gabi at araw, at pag-iiba-iba nito sa haba at sa iksi ay malilinaw at dakilang mga palatandaan na nagpapatunay sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) para sa mga taong may pang-unawa at may matutuwid na pag-iisip.

191. Yaong mga palaging inaalaala[29] ang Allâh (ﷻ) sa lahat ng pagkakataon habang sila ay nakatayo, nakaupo, nakahiga at iniisip nila nang lubusan ang hinggil sa pagkakalikha ng mga kalangitan at kalupaan, na sinasabi nila: "*O Allâh na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Luwalhati sa Iyo*, *hindi Mo ito nilikha nang walang anumang kadahilanan*, *dahil ligtas Ka sa mga ganoong bagay*. *Ilayo Mo kami sa kaparusahan ng Impiyernong-Apoy*."

192. "*O Allâh na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Iligtas Mo kami sa Impiyerno sapagka't ang sinuman na ipasok Mo sa Impiyerno dahil sa kanyang pagkakasala ay katiyakan na ipinahiya at ipinahamak Mo*, *at walang sinuman ang makapagliligtas sa mga makasalanan at masasama mula sa kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay bukod sa Iyo*."

193. "*O Allâh na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katiyakan*, *narinig namin ang nanawagan*, *na siya ay Iyong Propeta na si Propeta Muhammad* (ﷺ), *nanawagan siya sa mga tao para maniwala sa Iyo at tumestigo hinggil sa Kaisahan Mo at isagawa ang Iyong batas*; *na kung kaya*, *tinanggap namin ang kanyang panawagan at naniwala kami sa kanyang mensahe*, *kung gayon patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan at ilihim mo ang aming mga kapintasan*, *at ibilang Mo kami sa mga mabubuti*."

194. "*O Allâh na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ipagkaloob Mo sa amin ang Iyong pangako ayon sa mga sinabi ng Iyong mga Sugo na pagiging matagumpay*, *ganap na kapangyarihan*, *gabay at patnubay*; *at huwag Mo kaming ipahiya dahil sa aming mga pagkakasala sa Araw ng Muling Pagkabuhay*, *dahil sa Iyong kabaitan*, *kailanman ay hindi Mo sinisira ang pangako na Iyong ipinangako sa Iyong mga alipin*."

[29]Pinupuri, niluluwalhati at dinadakila.

195. Samakatuwid, dininig ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga panalangin at sinabi Niya, na hindi Niya pahihintulutan na masayang ang mga mababuting gawain na pinaghirapan ng sinuman sa inyo, mapalalaki man siya o mapababae, dahil sila ay magkakapatid sa '*Deen*,' at ang pagtanggap sa kanilang mga gawa at ang gantimpala para rito ay magkakatulad.

"*Na kung kaya*, *sa mga nangibang-bayan na hinahangad ang pagmamahal ng Allâh* (ﷻ), *at sila ay pinaalis sa kanilang mga tahanan at pinahirapan dahil sa kanilang pagsunod sa Allâh* (ﷻ) *na kanilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at pagsamba sa Kanya*, *at nakipag-laban sila at namatay nang alang-alang sa Allâh upang mangibabaw ang Kanyang batas*; *walang pag-aalinlangan*, *ililihim ng Allâh* (ﷻ) *ang kanilang nagawang kasalanan na katulad ng paglihim nito sa kanila rito sa mundo*, *na kung kaya*, *hindi na sila pagbabayarin pa* (*sa kanilang mga nagawang kasalanan*), *at papapasukin sila sa mga Hardin na may umaagos na mga ilog sa ilalim ng mga puno at mga palasyo nito*, *bilang gantimpala sa kanila mula sa Allâh* (ﷻ). *At ang Allâh* (ﷻ) *ay nasa Kanya ang mas higit na gantimpala.*"

196. Huwag kang palilinlang, O Muhammad (ﷺ), sa mga walang pananampalataya sa Allâh, na nasa kanila (raw) ang mararangyang kabuhayan, maraming biyaya, paglipat mula sa iba't ibang lugar para sa pangangalakal upang kumita ng salapi, dahil hindi magtatagal ay mawawala rin itong lahat sa kanila at magbabayad sila sa kanilang mga masamang gawain.

197. Pansamantalang kaligayahan, pagkatapos ang kanilang hahantungan sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay Impiyerno na pinakamasamang tirahan.

198. Subali't yaong mga natakot sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, sumunod sa Kanyang mga ipinag-utos, at umiwas sa Kanyang mga ipinagbawal; katiyakan, inihanda ng Allâh (ﷻ) para sa kanila ang mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa

ilalim ng mga puno nito, ito ang walang-hanggan na magiging tirahan nila at doon sila ay mananatili.

Na samakatuwid, kung ano man ang nasa Allâh (ﷻ) ay higit na dakila at nakabubuti para sa mga sumunod; kaysa sa kung ano ang mga kasiyahan na pinagpasasaan (o tinamasa) ng mga walang pananampalataya rito sa mundo.

199. At katiyakan, mayroon sa mga '*Ahlul Kitâb*' (mga Hudyo at mga Kristiyano) ang nakatitiyak sa kanyang paniniwala, na ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Bukod-Tanging '*Rabb*' na Tagapaglikha at Siya lamang ang sinasamba nila, at sa kung anuman na ipinahayag sa inyo na Dakilang Qur'ân, at ganoon din sa ipinahayag sa kanila na '*Tawrah*' at saka '*Injeel*;' na nagpapakumbaba sila sa Allâh (ﷻ), nagpapasailalim sa Kanyang kagustuhan, at hindi ipinagpalit ang mga talata ng Allâh (ﷻ) sa maliit na halaga ng makamundong bagay; at hindi nila inilihim ang ipinahayag ng Allâh (ﷻ), at hindi nila ito binago na tulad ng ibang '*Ahlul Kitâb*.'

Ang para sa kanila ay dakilang gantimpala sa Araw na makakatagpo nila ang Allâh (ﷻ) at ito ay matatamo nila nang walang kabawasan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Saree`ul Hisâb***' – Ganap at Napakabilis Niyang Tumuos at walang kahirap-hirap para sa Kanya na tuusin ang kanilang mga gawain at ayon dito sila ay papagbabayarin.

200. O kayong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at nagpatupad ng Kanyang batas! Maging matiisin kayo sa pamamagitan ng pagsunod ninyo sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at sa anumang dumarating sa inyo na mga kahirapan at pagsubok. Lamangan ninyo ang inyong mga kalaban sa pagiging matiisin at magpakatatag kayo at isagawa ninyo ang pakikipaglaban sa Aking kalaban na kalaban ninyo, at katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa lahat ng pagkakataon sa paghahangad na makamtan ninyo ang tagumpay na Kanyang pagmamahal, dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

سورة النساء 4

IV – Sûrat An-Nisâ`

[**Kabanata An-Nisâ`** – Ang mga Kababaihan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. O sangkatauhan! Katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) at sundin ninyo ang Kanyang mga ipinag-uutos, at iwasan ang Kanyang mga ipinagbabawal, sapagka't Siya ang lumikha sa inyo mula sa isang tao na si Âdam (عليه السلام) at mula sa kanya ay nilikha Niya ang kanyang asawa na si Hawwa` (Eba عليها السلام) at mula sa kanilang dalawa ay kumalat sa buong daigdig ang maraming kalalakihan at kababaihan; katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) dahil sa pamamagitan Niya ay nahihiling ninyo ang inyong mga karapatan sa isa't isa, at ingatan ninyo na maputol ang inyong ugnayang magkakamag-anak. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), Siya ang '***Raqeeb***' – Walang-Hanggang Tagapagmatyag sa inyo at sa lahat ng mga nilikha, nang sabay-sabay, sa lahat ng pagkakataon.

2. At ibigay sa mga naulila – namatayan ng kanilang mga ama samantalang sila ay wala pa sa hustong gulang – ang ipinagkatiwala sa inyo na mga kayamanan kapag sila ay umabot na sa hustong gulang, at kapag nakikita na ninyo sa kanila ang kakayahan na mapangangalagaan na nila ang kanilang mga kayamanan.

At huwag ninyong palitan ang mga mabubuting bagay na pagmamay-ari nila ng mga masasama, mula sa inyong kayamanan, at huwag ninyong ihalo ang kanilang mga kayamanan sa inyong mga kayamanan bilang paraan para mapakialaman ninyo ang kanilang kayamanan.

Katiyakan, ang sinumang maglakas-loob na gumawa nito, walang pag-aalinlangang nakagawa siya ng malaking pagkakasala.

3. At kung sakaling nangangamba kayo na hindi kayo magiging pantay sa pagturing sa mga ulilang kababaihan, na nasa ilalim ng inyong pangangalaga dahil sa hindi ninyo maibibigay sa kanila ang '*Mahr*' na katulad ng maibibigay ninyo sa iba, ay mag-asawa kayo ng ibang kababaihan bukod sa kanila, na inyong nagugustuhan, na dalawa, tatlo o di kaya ay apat; subali't kapag natatakot kayo na hindi kayo magiging makatarungan sa pakikitungo ninyo sa kanila, ay maging sapat na lamang sa inyo ang isa o di kaya ay ang sinuman na pagmamay-ari ninyong alipin.

Ito ang Aking itinalagang batas sa inyo hinggil sa mga ulilang kababaihan at sa pag-aasawa ng mula isa hanggang apat, o di kaya ay manatili na lamang siya sa pag-aasawa ng isa o sa kanyang aliping babae, ito ang pinakamalapit na paraan upang kayo ay makaiwas sa pagsagawa ng di-makatarungan.

4. At ibigay ninyo sa mga kababaihan ang kanilang mga '*Mahr*,' na ito ay isang obligadong handog na kinakailangang ibigay mula sa inyong mabubuting kalooban. Kapag naging kalugud-lugod sa kanilang mga sarili (kababaihan) na bahaginan kayo mula sa '*Mahr*' na ito ay tanggapin at gawin ninyo itong kapaki-pakinabang, dahil sa ito ay ipinahintulot sa inyo.

5. At huwag ninyong ibigay, O kayo na mga pinagkatiwalaan, sa sinumang bulagsak (gumagasta nang walang kontrol o walang katuturan) na mga kalalakihan, mga kababaihan at mga kabataan, ang kanilang mga kayamanan na nasa ilalim ng inyong pangangalaga – na ito ay kanilang lulustayin lamang sa hindi tamang pamamaraan, sapagka't ang mga kayamanang ito ang tumutugon sa pangangailangan ng tao. Kung kaya, tustusan at damitan ninyo sila mula rito, at pawang mga mabubuting salita lamang ang inyong sasabihin sa kanila at makitungo kayo sa kanila sa magandang pamamaraan.

6. At subukin ninyo ang sinumang ulila na nasa ilalim ng inyong pangangalaga, para malaman ninyo ang kakayahan nila sa tamang paggasta sa kanilang mga kayamanan, hanggang abutin nila ang hustong gulang, at nang sa gayon ay mabatid ninyo kung sila ay matuwid sa kanilang '*Deen*' at may kakayahan na sa pangangalaga ng kanilang kayamanan at saka ninyo ito ibigay sa kanila. At huwag ninyo itong gastusin sa di-makatarungang pamamaraan – na ito ay lulustayin ninyo nang tuluy-tuloy bilang pagsasamantala bago ito mapasakamay nila.

At sinuman sa inyo ang nakaririwasa sa buhay, ay huwag na siyang kumuha (sa kayamanan ng ulila) bilang kapalit sa kanyang ginawang pangangalaga. Magkagayunpaman, kung siya ay isang mahirap, maaari siyang kumuha, subali't ito ay ayon lamang sa kung ano ang kanyang sapat na pangangailangan, kung ito

ay kailangang-kailangan lamang. At kapag nalaman na ninyo na kaya na nilang pangalagaan ang kanilang kayamanan pagkatapos nilang umabot sa hustong gulang at sapat na pag-iisip, at ito ay ibinigay na ninyo sa kanila; samakatuwid ay magpatestigo kayo bilang kasiguruhan na natanggap nila ang kanilang karapatan nang buo, nang sa gayon, ang pangyayaring ito ay hindi nila maitatanggi. At ang Allâh (ﷻ) ay sapat na sa inyo bilang testigo at Siya ang maghahatol sa inyong ginawa.

7. Para sa mga kalalakihan, mga bata man o matatanda – ang kanilang mana na itinalaga ng Allâh (ﷻ) na para sa kanila mula sa naiwang kayamanan ng kanilang mga magulang at mga kamag-anak, kakaunti man ito o marami, ay nasa tiyak at makatarungang karapatan na itinalaga ng Allâh (ﷻ) para sa kanila, gayundin ang sa mga kababaihan.

8. At kapag dumating na sa oras ng pagbabaha-bahagi ng mana, ang mga kamag-anak ng namatay na hindi kabilang sa may karapatan ng naiwang yaman ng namatay, o di kaya ay ang mga ulila at mahihirap na nandoroon, bigyan ninyo sila ng anuman mula sa yamang yaon bilang pampalubag-loob bago mangyari ang pagbabaha-bahagi nito sa mga may karapatan. At pawang mababuting salita lamang ang sasabihin sa kanila at maging makatarungan sa pakikitungo sa kanila.

9. At katakutan ng mga yaong pinagkatiwalaan sa mga ibabahaging mamanahin, na kapag sila ay namatay at naiwan nila ang kanilang mga anak na maliliit pa at mahihina ay hindi rin nila gusto itong dadayain at pakikitunguhan nang di-makatarungan, na kung gayon, ay magkaroon sila ng takot sa Allâh (ﷻ), hinggil doon sa pakikitungo nila sa ulila na nasa ilalim ng kanilang pangangalaga at sa iba pa – na ito ay sa pamamagitan ng pangangalaga sa kanilang (ulila) kayamanan at tamang paraan ng pagpapalaki sa kanila at paglalayo sa kanila mula sa anumang *âdhã* (pamiminsala at kapahamakan), at tanging pagsabi sa kanila ng mga mababuting salita at pakikitungo sa kanila nang makatarungan.

10. Katiyakan, yaong mga kumakamkam ng mga yaman na pagmamay-ari ng mga ulila at inaangkin nila ito gayong wala naman silang karapatan, walang pag-aalinlangan, ang ipinapasok lamang nila sa kanilang mga sikmura ay apoy, at yaon ang magiging dahilan ng pagpasok nila sa Impiyerno. At walang pag-aalinlangan, makapapasok sila sa Impiyerno at malalasap nila ang lagablab nito.

11. Pinapayuhan kayo ng Allâh (ﷻ) at inuutusan hinggil sa inyong mga anak, na kapag namatay ang isa sa inyo at naiwan niya ang kanyang mga anak, mga

kalalakihan at mga kababaihan, ang kanyang ipamamana sa kanilang lahat ay: ang mamanahin ng lalaki ay katumbas ng mamanahin ng dalawang babae, kung wala nang iba pang tagapagmana maliban sa kanila.

Subali't kung ang mga naiwan naman niya ay mga anak na kababaihan, ang para sa dalawang babae o higit kaysa sa dalawa ay dalawang-ikatlong bahagi (2/3) mula sa naiwang yaman; at kapag siya ay nag-iisang anak na babae, ang para sa kanya ay kalahati. At ang para naman sa magulang noong namatay, ang bawa't isa sa kanilang dalawa ay ikaanim na bahagi (1/6), kung mayroon siyang anak, lalaki man ito o babae, nag-iisa man siya o sila ay marami.

Subali't kung wala siyang anak at ang tagapagmana lamang niya ay ang kanyang dalawang magulang, para sa kanyang ina ang ikatlong bahagi (1/3) at ang lahat nang matitira ay para sa kanyang ama.

At kapag may mga kapatid naman na naiwan ang namatay, dalawa man ito o marami, kalalakihan man o kababaihan, ang para sa kanyang ina ay (1/6) at ang matitira ay para sa kanyang ama at walang mamanahin ang kanyang mga kapatid.

At ang pagbabaha-bahaging ito ng mana ay mangyayari lamang pagkatapos alisin ang habilin ng namatay, na hindi hihigit sa ikatlong bahagi (1/3) ng kanyang yaman o di kaya ay pagkatapos alisin ang pambayad sa kanyang utang.

Ang mga magulang ninyo at ang mga anak ninyo, na inilaan sa kanila ang mamanahin nila sa inyo, ay hindi ninyo alam kung sino sa kanila ang makapagbibigay ng higit na kapakinabangan sa inyo, rito sa daidig at sa Kabilang-Buhay; na kung kaya, wala kayong dapat kilingan na sinuman sa kanila.

Ito ang ipinapayo ko sa inyo na ipinag-utos para sa inyo mula sa Allâh (ﷻ). Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa Kanyang mga nilikha, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam (Marunong) sa pagsasagawa ng batas para sa kanila.



12. At ang para sa inyo, O kayong mga kalalakihan, ang kalahati ng naiwan ng inyong mga asawa pagkatapos nilang mamatay kung wala silang anak, lalaki man o babae; subali't kung mayroon silang anak, ang para sa inyo ay ikaapat na bahagi (1/4) mula sa kanilang naiwan, na ito ay mamanahin ninyo pagkatapos isagawa ang kanilang habilin na ipinahintulot ng Islâm, o di kaya ay pagkatapos ng anumang pagbabayad sa kanilang pagkaka-utang.

Ang para naman sa inyong mga asawa, O kayong mga kalalakihan, ang ikaapat na bahagi (1/4) mula sa inyong mga naiwan, kung kayo ay walang anak, lalaki man o babae mula sa kanila o mula sa ibang babae. Subali't kapag mayroon kayong anak, babae man o lalaki, ang para sa kanila (asawa) ay ikawalong bahagi (1/8) mula sa inyong naiwan, at paghahati-hatian nila ang ikaapat na bahagi (1/4) o di kaya ay ikawalong bahagi (1/8) kung sila ay higit kaysa sa isa.

Subali't kapag siya (ang asawa mo) ay nag-iisa lamang, ang mamanahing yaon ay para lamang sa kanya (1/4 o di kaya ay 1/8), pagkatapos isagawa ang anumang habilin ninyo mula sa karapat-dapat na ipinahintulot na habilin, o di kaya ay pagkatapos bayaran ang anuman na inyong pagkakautang.

At kapag namatay ang lalaki o babae, na walang sinuman sa kanila ang may anak o magulang, subali't mayroon silang kapatid na lalaki o babae, na mula sa kanyang ina, ang para sa bawa't isa sa kanila ay ikaanim na bahagi (1/6).

At kapag ang mga magkakapatid na kalalakihan o mga kababaihan sa ina ay marami, sila ay maghahati-hati nang pantay-pantay mula sa kanilang mamanahin na ikatlong bahagi (1/3). Walang pagkakaiba ang lalaki sa babae.

Ito ang batas na itinalaga ng Allâh (ﷻ) na mamanahin ng mga magkakapatid na kalalakihan at mga kababaihan sa ina, pagkatapos mabayaran ang mga utang ng namatay at pagkatapos isagawa ang kanyang habilin, kung ang kanyang paghahabilin ay hindi magdudulot ng kapahamakan sa mga tagapagmana.

Sa pamamagitan nito ay inuutusan kayo ng inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang kapaki-pakinabang na pagpapayo para sa inyo. Ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Siya ang Ganap na Nakaaalam sa anumang makabubuti sa Kanyang nilikha, na Siya ang '***Haleem***' – Ganap at Napakalawak ang Kanyang Pang-unawa, na Siya ay di-kaagad nagpaparusa sa kanila (na nakagagawa ng mga pagkakasala).

13. Yaon ang mga batas ng Allâh (ﷻ) na Kanyang itinalaga sa mga ulila, mga kababaihan at sa pagbabaha-bahagi ng mga mana, na nagpapatunay na ang mga batas na ito ay nagmula sa Allâh (ﷻ) na '`***Aleem***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakaaalam, na '***Hakeem***' – Walang-Hanggan at Ganap na Maalam.

At sinuman ang susunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, mula sa Kanyang mga alipin, hinggil sa mga isinagawa Niyang batas at iba pa, ay papapasukin Niya sa Kanyang mga Hardin ('*Al-Jannât*') na may maraming puno at mga palasyo, na sa ilalim nito ay may umaagos na mga ilog-tabang. At sila ay mananatili roon sa lubos na kaligayahan at hindi na sila lalabas pa mula roon magpakailanman. Ang gantimpalang yaon ang siyang pinakadakilang tagumpay.

14. At sino naman ang lalabag sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo sa pamamagitan ng pagtanggi sa mga batas ng Allâh (ﷻ) at paglabag sa anumang itinalaga Niyang batas para sa Kanyang mga alipin sa pamamagitan ng pagbabago nito, o di kaya ay pagwawalang-halaga nito, ay papapasukin Niya sa Impiyerno, na siya ay mananatili roon at ang para sa kanya ay kaparusahan na siyang magpapahiya at magpapahamak sa kanya.

سُورَةُ النِّسَآءِ الجزء الرابع
وَٱلَّٰتِي يَأۡتِينَ ٱلۡفَٰحِشَةَ مِن نِّسَآئِكُمۡ فَٱسۡتَشۡهِدُواْ
عَلَيۡهِنَّ أَرۡبَعٗا مِّنكُمۡۖ فَإِن شَهِدُواْ فَأَمۡسِكُوهُنَّ فِي
ٱلۡبُيُوتِ حَتَّىٰ يَتَوَفَّىٰهُنَّ ٱلۡمَوۡتُ أَوۡ يَجۡعَلَ ٱللَّهُ لَهُنَّ سَبِيلٗا
١٥ وَٱلَّذَانِ يَأۡتِيَٰنِهَا مِنكُمۡ فَـَٔاذُوهُمَاۖ فَإِن تَابَا
وَأَصۡلَحَا فَأَعۡرِضُواْ عَنۡهُمَآۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ تَوَّابٗا رَّحِيمًا
١٦ إِنَّمَا ٱلتَّوۡبَةُ عَلَى ٱللَّهِ لِلَّذِينَ يَعۡمَلُونَ ٱلسُّوٓءَ بِجَهَٰلَةٖ
ثُمَّ يَتُوبُونَ مِن قَرِيبٖ فَأُوْلَٰٓئِكَ يَتُوبُ ٱللَّهُ عَلَيۡهِمۡۗ وَكَانَ
ٱللَّهُ عَلِيمًا حَكِيمٗا ١٧ وَلَيۡسَتِ ٱلتَّوۡبَةُ لِلَّذِينَ
يَعۡمَلُونَ ٱلسَّيِّـَٔاتِ حَتَّىٰٓ إِذَا حَضَرَ أَحَدَهُمُ ٱلۡمَوۡتُ
قَالَ إِنِّي تُبۡتُ ٱلۡـَٰٔنَ وَلَا ٱلَّذِينَ يَمُوتُونَ وَهُمۡ كُفَّارٌۚ
أُوْلَٰٓئِكَ أَعۡتَدۡنَا لَهُمۡ عَذَابًا أَلِيمٗا ١٨ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ
ءَامَنُواْ لَا يَحِلُّ لَكُمۡ أَن تَرِثُواْ ٱلنِّسَآءَ كَرۡهٗاۖ وَلَا تَعۡضُلُوهُنَّ
لِتَذۡهَبُواْ بِبَعۡضِ مَآ ءَاتَيۡتُمُوهُنَّ إِلَّآ أَن يَأۡتِينَ بِفَٰحِشَةٖ
مُّبَيِّنَةٖۚ وَعَاشِرُوهُنَّ بِٱلۡمَعۡرُوفِۚ فَإِن كَرِهۡتُمُوهُنَّ فَعَسَىٰٓ
أَن تَكۡرَهُواْ شَيۡـٔٗا وَيَجۡعَلَ ٱللَّهُ فِيهِ خَيۡرٗا كَثِيرٗا ١٩

15. At yaong gumagawa ng pakikiapid mula sa inyong mga kababaihan, humanap kayo ng mga testigo para sa kanila, O kayong mga tagapagkalinga at mga hukom, ng apat na matutuwid na mga kalalakihan mula sa mga Muslim. At kapag tumestigo sila sa kanila sa ganoong gawain, ay ikulong ninyo sila sa inyong mga tahanan hanggang sa katapusan ng kanilang buhay at sila ay mamatay, o di kaya ay gagawa ang Allâh (ﷻ) ng paraan para makaligtas sila mula roon.

16. Ang dalawang gumagawa ng pakikiapid, parusahan ninyo sila sa pamamagitan ng pagpalo, paglayo at pagpapahiya sa kanila, subali't kapag sila ay nagsisi sa kanilang nagawang pagkakasala at sila ay nagpakabuti sa pamamagitan ng pagsagawa nilang dalawa ng mga mababuting gawa, ay hayaan na ninyo sila at huwag nang parusahan pa.

Nauunawaan sa talatang ito at sa nauna pa kaysa rito, na ang mga kalalakihan kapag sila ay gumawa ng pakikiapid ay paparusahan sila, at ang mga kababaihan naman ay ikukulong at paparusahan, at ang pagkukulong sa kanila ay hanggang kamatayan; na ang katapusan naman ng pagparusang ito ay hanggang sa sila ay magsisi at magpakabuti.

Ito ang mga batas, noong simula pa lamang ng Islâm (sa kapanahunan ni Propeta Muhammad ﷺ), pagkatapos ay pinawalang-bisa ito sa pamamagitan ng pagtatala ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo ng iba pang batas, na ang lalaki at babae na nagkasala ng pakikiapid ay babatuhin, (subali't) silang dalawa ay (kinakailangang) malayang tao (hindi mga alipin), nasa tamang edad, nasa tamang pag-iisip, na silang dalawa ay nakaranas ng legal na pag-aasawa; at ang pagpapalo naman ng isang daang palo at paglalayo (sa kanyang bayan) ng isang taon – na ito ang kaparusahan sa iba na hindi nakaranas ng legal na pag-aasawa. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Tawwâb***' – Tagapagtanggap ng sinumang nagsisisi at humihingi ng kapatawaran mula sa Kanyang mga alipin na mga nagsisisi, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

17. Katiyakan, ang tinatanggap lamang ng Allâh (ﷻ) ay ang pagsisisi ng mga yaong nakagawa ng paglabag at mga pagkakasala dahil sa kanilang kamangmangan sa anumang kaparusahan nito at sa pagdudulot nito ng pagkagalit ng Allâh – sa lahat ng lumabag sa Allâh, nagkamali man o sinadya ay itinuturing na mangmang sa ganitong kapaliwanagan kahit na alam pa niya na ito ay bawal – pagkatapos ay nanumbalik sila sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa pamamagitan ng paghingi ng kapatawaran at pagsunod bago dumating sa kanila ang kamatayan.

Ang kanilang pagsisisi ang siyang tinatanggap ng Allâh (ﷻ), dahil ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa Kanyang mga nilikha, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa at pagtatakda.

18. At hindi tinatanggap ang pagsisisi ng sinumang nagpupumilit sa pagsasagawa ng mga kasalanan at hindi nanunumbalik sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha hanggang sa dumating sa kanila ang paghihingalo at sasabihin ng isa sa kanila: "*Ako'y nagsisisi na ngayon*." At ganoon din, hindi rin tinatanggap ng Allâh (ﷻ) ang pagsisisi ng mga namatay na tumanggi na hindi naniwala, na tinanggihan nila ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at mensahe ng Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ), na sila ay nagpupumilit na magsagawa ng mga kasalanan hanggang sa sila ay namatay na patuloy na tumatanggi na walang pananampalataya. Ang inihanda Namin para sa kanila ay masidhing kaparusahan.

19. O kayong mga naniwala! Hindi ninyo maaaring ituring na kabilang sa mga naiwang mamanahin ang mga asawa ng inyong mga ama, na maaari ninyo silang panghimasukan sa pamamagitan ng pagpapakasal ninyo sa kanila, o di kaya ay pagpigil sa kanila sa nais nilang pag-aasawang muli o di kaya ay pagpapakasal nila sa iba, samantalang hindi sila sumasang-ayon sa lahat ng ito.

At hindi rin maaari sa inyo na pahirapan ang inyong mga asawa dahil sa kayo ay wala nang pagmamahal sa kanila, nang sa gayon ay maipaubaya na nila sa inyo ang bahagi ng inyong ibinigay sa kanila (noon) na '*Mahr*' at iba pa, maliban na lamang kung nakagawa sila ng pagkakasala na katulad ng pakikiapid, dahil kapag ito ay nangyari o kapag nangyari na nahuli ninyo sila sa aktuwal habang ginagawa nila ang pagkakasala ay magkakaroon kayo ng karapatan para bawiin ang lahat ng ibinigay ninyo sa kanila.

At ang karapat-dapat na pakikisama ninyo sa inyong mga asawa ay dahil sa pagmamahalan, pag-uunawaan at pagbibigay sa kanila ng kanilang karapatan. At kung sakaling ayaw na ninyo sa kanila dahil sa kadahilanang makamundo ay pagtiisan ninyo (ang situwasyon), dahil maaari na ang bagay na ayaw ninyo ay siyang makapagdudulot ng maraming kabutihan.



20. At kung nais ninyong hiwalayan ang inyong asawa at magnanais kayong mag-asawa ng iba at nakapagbigay kayo noon sa kanila ng malaking halagang '*Mahr*' ay wala na kayong karapatang kumuha pa ng kahit kaunti mula roon (sa '*Mahr*' na yaon). Mag-aangkin ba kayo mula roon kahit kayo ay makapagsinungaling at makagawa ng malinaw na pagkakasala?

21. At paano kayo magkakaroon ng karapatang mag-angkin mula sa inyong ibinigay na '*Mahr*' samantalang kapwa naman kayong lumigaya sa isa't isa noong kayo ay nagsasama pa, at nagkaroon sila mula sa inyo ng matibay na kasunduan na pananatilihin ninyo sila bilang asawa ninyo sa marangal na pamamaraan, o di kaya ay hiwalayan ninyo sila sa maayos na pakikipagkasunduan?

22. At huwag ninyong pakasalan ang sinumang napangasawa ng inyong mga ama na mga kababaihan, maliban na lamang kung ang pangyayaring ito ay nangyari noong kayo pa ay nasa kapanahunan ng kamangmangan, dahil hindi kayo mananagot hinggil sa bagay na ito.

Ang pag-aasawa ng mga anak sa mga asawa o naging asawa ng kanilang mga ama ay isang bagay na karumal-dumal at masidhi ang pagiging kasamaan nito, kinamumuhian ng Allâh (ﷻ) ang mga gumagawa nito. At ito ay masamang kaugalian na inyong ginagawa noong kayo ay nasa kamangmangan pa.

23. Ipinagbawal ng Allâh (ﷻ) sa inyo na mapangasawa ang inyong mga ina at kasama rito ang inyong mga lola sa ama o di kaya ay sa ina; at ang inyong mga anak na kababaihan kasama rito ang inyong mga apo na kababaihan kahit na gaano pa kalayo ang pagkaka-agwat ng pagkakasali't-saling lahi nito; at ang inyong mga kapatid na mga kababaihan sa ama't ina o di kaya ay sa ama o sa ina; ang inyong mga tiyahin na mga kapatid na babae ng inyong mga ama at kapatid na babae ng inyong mga lolo't lola sa ama; at ang inyong mga tiyahin na mga kapatid na babae ng inyong mga ina at mga kapatid ng inyong mga lolo't lola sa ina;

Ang inyong mga pamangking babae sa inyong kapatid na lalaki at mga pamangking babae sa inyong kapatid na babae, kasama rito ang kanilang mga anak; at ang inyong mga ina sa gatas na siyang nagpasuso sa inyo at ang inyong mga kapatid na kababaihan sa gatas – katiyakang ipinagbawal ng Sugo ng Allâh ang kapatid sa gatas na katulad ng pagbabawal niya sa kapatid sa dugo, – at ang mga ina ng inyong mga asawa, sa mga asawa man ninyo na nagkaroon kayo ng pagtatalik o hindi;

At mga anak na kababaihan ng inyong mga asawa na hindi kayo ang ama, na sila ay lumaki sa inyong mga tahanan at nasa ilalim ng inyong pangangalaga, na mas matagal ang inilagi nila sa inyo sa kanilang buhay. Sila ay ipinagbabawal sa inyo, kahit na hindi sila lumaki sa inyong mga tahanan subali't nagkaroon kayo ng pagtatalik sa kanilang mga ina, magkagayunpaman kung hindi kayo nagkaroon ng pagtatalik sa kanilang ina at hiniwalayan ninyo sila (na ang ibig sabihin ay ang kanilang ina) o di kaya ay namatay sila bago naganap ang pagtatalik, ay wala kayong kasalanan kung magpapakasal kayo sa kanila (sa anak);

At ganoon din, ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) sa inyo na mapangasawa ang mga naging asawa ng inyong anak na tunay mula sa inyo at sa sinumang naging kapatid nila sa gatas, at ang pagbabawal na ito ay kapag nangyari na ang kasalan, nagkaroon man ang inyong anak ng pagtatalik sa kanila o hindi,

At ipinagbabawal din sa inyo na mapangasawa nang magkasabay ang dalawang magkapatid na babae, magkapatid man sila sa dugo o sa gatas, maliban na lamang kung ito ay nakaraan na, na ito ay nangyari sa inyo noon sa panahon ng kamangmangan.

At hindi rin maaaring sabay na mapangasawa ang isang babae at ang kanyang tiyahin sa kanyang ama o kanyang tiyahin sa kanyang ina, na katulad nang nasasaad sa '*Sunnah*.'

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa mga nagkakasala kapag sila ay nagsisi, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila at hindi nag-uutos sa kanila ng mga bagay na hindi nila makakayanan.


وَٱلْمُحْصَنَٰتُ مِنَ ٱلنِّسَآءِ إِلَّا مَا مَلَكَتْ أَيْمَٰنُكُمْ ۖ
كِتَٰبَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ ۚ وَأُحِلَّ لَكُم مَّا وَرَآءَ ذَٰلِكُمْ أَن تَبْتَغُوا۟
بِأَمْوَٰلِكُم مُّحْصِنِينَ غَيْرَ مُسَٰفِحِينَ ۚ فَمَا ٱسْتَمْتَعْتُم بِهِۦ
مِنْهُنَّ فَـَٔاتُوهُنَّ أُجُورَهُنَّ فَرِيضَةً ۚ وَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ
فِيمَا تَرَٰضَيْتُم بِهِۦ مِنۢ بَعْدِ ٱلْفَرِيضَةِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلِيمًا
حَكِيمًا ﴿٢٤﴾ وَمَن لَّمْ يَسْتَطِعْ مِنكُمْ طَوْلًا أَن يَنكِحَ
ٱلْمُحْصَنَٰتِ ٱلْمُؤْمِنَٰتِ فَمِن مَّا مَلَكَتْ أَيْمَٰنُكُم مِّن
فَتَيَٰتِكُمُ ٱلْمُؤْمِنَٰتِ ۚ وَٱللَّهُ أَعْلَمُ بِإِيمَٰنِكُم ۚ بَعْضُكُم مِّنۢ
بَعْضٍ ۚ فَٱنكِحُوهُنَّ بِإِذْنِ أَهْلِهِنَّ وَءَاتُوهُنَّ أُجُورَهُنَّ
بِٱلْمَعْرُوفِ مُحْصَنَٰتٍ غَيْرَ مُسَٰفِحَٰتٍ وَلَا مُتَّخِذَٰتِ
أَخْدَانٍ ۚ فَإِذَآ أُحْصِنَّ فَإِنْ أَتَيْنَ بِفَٰحِشَةٍ فَعَلَيْهِنَّ نِصْفُ
مَا عَلَى ٱلْمُحْصَنَٰتِ مِنَ ٱلْعَذَابِ ۚ ذَٰلِكَ لِمَنْ خَشِىَ
ٱلْعَنَتَ مِنكُمْ ۚ وَأَن تَصْبِرُوا۟ خَيْرٌ لَّكُمْ ۗ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ
﴿٢٥﴾ يُرِيدُ ٱللَّهُ لِيُبَيِّنَ لَكُمْ وَيَهْدِيَكُمْ سُنَنَ ٱلَّذِينَ
مِن قَبْلِكُمْ وَيَتُوبَ عَلَيْكُمْ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٢٦﴾

24. At ipinagbabawal din sa inyo na mag-asawa ng mga kababaihang may asawa, maliban na lamang sa sinuman na inyong nabihag sa pakikipaglaban sa Daan ng Allâh dahil sa ito ay '*Halâl*' (ipinahihintulot) sa inyo na mapangasawa ninyo, sa kondisyon na matapos ninyong matiyak na walang sanggol sa kanilang mga sinapupunan sa pamamagitan ng pagkakaroon nila ng buwanang-dalaw (o regla).

Itinala ng Allâh (ﷻ) sa inyo bilang batas, ang pagbabawal sa pag-aasawa ng katulad nila (na mga kababaihang may asawa), at ipinahintulot sa inyo ang pag-aasawa ng iba mula sa ipahintulot ng Allâh (ﷻ) sa inyo, na hangarin ninyo na kayo ay maging marangal sa pamamagitan ng pagbibigay ninyo mula sa inyong mga kayamanan bilang '*Mahr*,' nang sa gayon ay mapalayo kayo sa mga ipinagbabawal.

At kung sinuman sa kanila na mga kababaihan na nangyari ang pagtatalik ninyo sa kanila pagkatapos ng legal na kasal, ay kinakailangang ibigay ninyo sa kanila ang kanilang '*Mahr*,' na ito ay ginawa ng Allâh (ﷻ) na obligado sa inyo para sa kanila. At hindi rin magiging kasalanan sa inyo ang anumang napagkasunduan ninyo sa isa't isa bilang '*Mahr*,' kung sakaling magkaroon ito ng pagdaragdag o pagbabawas pagkatapos itong maitakda.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa mga pangyayari sa Kanyang mga alipin, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa pagbibigay o pagpapatupad Niya ng batas at sa pangangasiwa nito.

25. At sinuman ang walang kakayahan sa pagbibigay ng '*Mahr*' para makapag-asawa ng mga malalayang mananampalatayang kababaihan, ay maaari sa kanya na mag-asawa ng iba mula sa inyong mga kababaihang mananampalatayang alipin.

Ang Allâh (ﷻ) ang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam ng katotohanan hinggil sa inyong paniniwala, na kung kayo nga ba ay para sa isa't isa, samakatuwid,

pakasalan ninyo sila kapag sumang-ayon ang kanilang mga tagapangalaga (‘*guardians*’) at ibigay ninyo ang mga ‘*Mahr*’ sa kanila ayon sa inyong napagkasunduan na bukal sa inyong kalooban, na sila (ang inyong pakakasalan) ay mararangal, malayo mula sa kahalayan, hindi lantarang nakikiapid at hindi rin lihim na nakikisama sa mga kalalakihan.

At kapag sila (na ang tinutukoy ay ang aliping babae) ay nakapag-asawa at pagkatapos ay nakagawa sila ng pakikiapid, nararapat na sila ay parusahan ng kalahati lamang ng kaparusahan na ipinapataw sa mga kababaihang malalaya (na ang ibig sabihin ay hindi mga alipin) na nagkasala.

Ito ang pagpapahintulot sa pag-asawa ng alipin, na ayon sa katangiang nabanggit ay ipinahihintulot lamang ito sa sinumang nangangamba sa kanyang sarili, at natatakot na makagawa ng pakikiapid, at nahihirapan siyang magtiis at mapigilan ang kanyang sarili na hindi makagawa ng kahalayan.

Magkagayunpaman, ang pagtitiis para hindi na siya makapag-asawa ng alipin at pagpapanatili niya sa kanyang sarili sa pagiging marangal ay mas higit na nakabubuti.

Ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Ghafour***’ – Ganap na Mapagpatawad sa inyo, na ‘***Raheem***’ – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa inyo dahil ipinahintulot niya sa inyo na mag-asawa ng mga katulad nila, kung hindi ninyo makakayanan ang pag-aasawa ng mga malalayang kababaihan.

26. Hinahangad ng Allâh (ﷻ) sa inyo sa pamamagitan ng mga batas na ito, na maipaliwanag Niya sa inyo ang mga alituntunin ng Kanyang Matuwid na ‘***Deen***,’ at ang Kanyang makatarungang batas, at itinuturo sa inyo ang mga pamamaraan ng mga Propeta at ng mga mababuting tao na nauna sa inyo; sa batas hinggil sa pagpapahintulot at pagbabawal; at pinatatawad kayo sa pamamagitan ng inyong panunumbalik tungo sa pagsunod sa Kanya.

At Siya ang Allâh (ﷻ), Luwalhati sa Kanya, ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam kung ano ang nakabubuti sa Kanyang mga alipin, na ‘***Hakeem***’ – Ganap na Maalam sa Kanyang pagtatala ng Kanyang batas sa inyo.



27. At ang Allâh (ﷻ) ay naghahangad na mapatawad kayo at pinagbibigyan Niya kayo sa inyong mga pagkakamali, subali't yaon namang nalulong sa kanilang pagnanasa at pansamantalang kaligayahan ay naghahangad na malihis kayo sa '*Deen*' ng Allâh nang malaking pagkakalihis.

28. Hinahangad ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagtatala ng Kanyang batas, na ito ay maging magaan para sa inyo at nang hindi kayo mahirapan, sapagka't kayo ay nilikha na mga mahihina.

29. O kayong mga matatapat sa inyong paniniwala sa Allâh na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at sa inyong pagsunod sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ)! Hindi ipinahintulot sa inyo na lustayin ang yaman ng iba na wala kayong karapatan, maliban na lamang sa kung ito ay nababatay sa batas at legal na pakikipagkalakalan, na may kasunduan sa isa't isa.

At huwag ninyong patayin ang inyong mga sarili ni magpatayan sa isa't isa, sapagka't ipapahamak lamang ninyo ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga ganitong ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) at anumang mga paglabag sa Kanya. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), Siya ang '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa inyo sa pamamagitan ng Kanyang pag-uutos at pagbabawal sa inyo.

30. At sinuman ang makagawa ng anumang ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ), na tulad ng pag-aangkin ng kayamanan sa maling kaparaanan, halimbawa ay pagnanakaw, pangangamkam at pandaraya bilang paglabag sa batas; walang pag-aalinlangan, papapasukin siya ng Allâh (ﷻ) sa Impiyerno at ipalalasap sa kanya ang lagablab nito, at ito ay napakadali para sa Allâh (ﷻ).

31. Subali't kapag iniwasan ninyo, O kayong mga naniniwala, ang mga malalaking kasalanan na katulad ng paglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh o pagsamba ng iba bukod sa Allâh (na tinatawag na '*Shirk*'), pagsuway sa magulang, pagkitil sa mga may buhay na ipinagbawal ng Allâh maliban na lamang sa makatarungang kadahilanan at iba pa; ay patatawarin Namin kayo sa

inyong mga maliliit na kasalanan at papapasukin Namin kayo nang marangal na pagpasok sa '*Al-Jannah*' (Hardin).

32. At huwag na kayong umasam pa sa mga bagay na itinakda ng Allâh (ﷻ), hinggil sa pangingibabaw ng ilan sa inyo sa iba; sa mga katangian, kabuhayan at iba pa, sapagka't ang Allâh (ﷻ), itinala na Niya ang tadhana ng bawa't isa ayon sa kung ano ang kanyang nagawa; na ito ay magkatulad, sa mga kalalakihan man o mga kababaihan.

Kung kaya, hilingin na lamang ninyo sa Allâh (ﷻ) na Mapagbigay, na pagkalooban kayo ng anumang kagandahang-loob mula sa Kanya, kaysa hangarin ninyo ang pagmamay-ari ng iba.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam ng lahat ng mga bagay at batid Niya kung ano ang nakabubuti sa Kanyang mga alipin sa pamamagitan ng pagbabaha-bahagi Niya ng anumang kabutihan sa kanila.

33. Nagtalaga Kami sa bawa't isa mula sa inyo ng tagapagmana, na kanilang mamanahin ang anumang maiiwan ng kanilang mga magulang at mga kamag-anak, at ganoon din sa mga yaong pinangakuan ninyo ng tunay na sumpaan-na-kasunduan na pagkakapatiran at pagtutulung-tulungan, na bibigyan ninyo sila mula sa anuman na inyong mga mamanahin, na samakatuwid ay ibigay ninyo sa kanila ang kung anuman na karapat-dapat na para sa kanila.

Ang pagmamana sa pamamagitan ng sumpaan-na-kasunduan ay nangyari noong kasisimula pa lamang ng Islâm (sa kapanahunan ni Propeta Muhammad ﷺ), subali't pagkatapos nito ay pinawalang-bisa ang ganitong uri ng batas sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga talata ng Dakilang Qur'ân hinggil sa pagmamana.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), Siya ang '***Shaheed***' – Saksi na Ganap na Nakababatid sa lahat ng mga bagay na inyong ginagawa at kayo ay gagantihan ayon dito.


الرِّجَالُ قَوَّٰمُونَ عَلَى ٱلنِّسَآءِ بِمَا فَضَّلَ ٱللَّهُ بَعْضَهُمْ
عَلَىٰ بَعْضٍ وَبِمَآ أَنفَقُوا۟ مِنْ أَمْوَٰلِهِمْ ۚ فَٱلصَّٰلِحَٰتُ
قَٰنِتَٰتٌ حَٰفِظَٰتٌ لِّلْغَيْبِ بِمَا حَفِظَ ٱللَّهُ ۚ وَٱلَّٰتِى تَخَافُونَ
نُشُوزَهُنَّ فَعِظُوهُنَّ وَٱهْجُرُوهُنَّ فِى ٱلْمَضَاجِعِ
وَٱضْرِبُوهُنَّ ۖ فَإِنْ أَطَعْنَكُمْ فَلَا تَبْغُوا۟ عَلَيْهِنَّ سَبِيلًا ۗ
إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلِيًّا كَبِيرًا ﴿٣٤﴾ وَإِنْ خِفْتُمْ شِقَاقَ
بَيْنِهِمَا فَٱبْعَثُوا۟ حَكَمًا مِّنْ أَهْلِهِۦ وَحَكَمًا مِّنْ أَهْلِهَآ إِن
يُرِيدَآ إِصْلَٰحًا يُوَفِّقِ ٱللَّهُ بَيْنَهُمَآ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلِيمًا خَبِيرًا
﴿٣٥﴾ ۞ وَٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ وَلَا تُشْرِكُوا۟ بِهِۦ شَيْـًٔا ۖ وَبِٱلْوَٰلِدَيْنِ
إِحْسَٰنًا وَبِذِى ٱلْقُرْبَىٰ وَٱلْيَتَٰمَىٰ وَٱلْمَسَٰكِينِ وَٱلْجَارِ
ذِى ٱلْقُرْبَىٰ وَٱلْجَارِ ٱلْجُنُبِ وَٱلصَّاحِبِ بِٱلْجَنۢبِ
وَٱبْنِ ٱلسَّبِيلِ وَمَا مَلَكَتْ أَيْمَٰنُكُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ مَن
كَانَ مُخْتَالًا فَخُورًا ﴿٣٦﴾ ٱلَّذِينَ يَبْخَلُونَ وَيَأْمُرُونَ
ٱلنَّاسَ بِٱلْبُخْلِ وَيَكْتُمُونَ مَآ ءَاتَىٰهُمُ ٱللَّهُ
مِن فَضْلِهِۦ ۗ وَأَعْتَدْنَا لِلْكَٰفِرِينَ عَذَابًا مُّهِينًا ﴿٣٧﴾

34. Ang mga kalalakihan, sila ang mga tagapagtuwid ng mga kababaihan, tagapangasiwa at tagapangalaga; dahil sa pagtatangi ng Allâh (ﷻ) sa kanila ng mga katangian, na sila'y naging karapat-dapat hinggil sa mga bagay na ito; at dahil din sa kanilang naibigay na mga '*Mahr*' at sa obligasyon nila bilang tagapagtustos.

Sa mga mababuti at matutuwid na kababaihan at sumusunod sa batas ng Allâh (ﷻ), sa kanilang mga asawa at pinangangalagaan nila ang lahat ng mga bagay na ipinagkatiwala sa kanila sa oras na wala ang kanilang mga asawa sa pamamagitan ng pangangalaga at pamamatnubay ng Allâh (ﷻ), at sa mga yaon namang nangangambang baka sila ay lalabag sa inyo, ay pagpayuhan ninyo sila ng magandang salita; at kapag hindi nagbunga para sa kanila ang magandang salita, ay huwag ninyo silang tabihan sa higaan; at kapag hindi naging mabisa ang hindi ninyo pagtabi sa kanila sa higaan, ay paluin ninyo sila nang marahan sa pamamagitan ng pagtapik na hindi nakasasakit; at kapag sila ay sumunod sa inyo ay huwag ninyo silang aapihin sa pamamagitan ng hindi pakikitungo nang maganda sa kanila, sapagka't ang Allâh (ﷻ) na '***`Alee***' – Kataas-taasan, at '***Kabeer***' – Pinakadakila ay Siya ang mangangalaga sa kanila at Siya ang gaganti sa sinumang gagawa ng di-makatarungan at pang-aapi sa kanila.

35. At kapag nalaman ninyo, O kayong mga tagapangalaga ng mag-asawa, na ang kanilang hindi pagkakasundo ay hahantong sa hiwalayan, ay magpadala kayo sa kanila ng hukom na patas mula sa pamilya ng lalaki at hukom din na patas mula sa pamilya ng babae, nang sa gayon ay mapag-aralan nila ang pangyayari at makapagpasiya sila ng anumang bagay na makababuti sa dalawa, na dahil sa hangarin ng dalawang hukom na pagtutuwid at pagsasagawa ng mabuting ugnayan ay magabayan ng Allâh (ﷻ) ang mag-asawa.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam at walang anumang bagay ang maililihim sa Kanya sa nangyayari sa Kanyang mga alipin, na '***Khabeer***' – Ganap ang Kagalingan na Nababatid Niya nang ganap ang anumang niloloob ng kanilang mga sarili.

36. At sambahin ninyo ang Allâh (ﷻ) nang bukod-tangi at magpasailalim kayo sa Kanyang Kaisahan, at huwag na huwag kayong gagawa ng pagtatambal sa Kanyang pagiging '*Rabb*' na Tagapaglikha at sa pagsamba sa Kanya; at makitungo kayo nang mabuti sa inyong mga magulang at gampanan ninyo ang tungkulin ninyo sa kanila; at gayundin ang karapatan sa inyo ng inyong mga kamag-anak, mga ulila, mga mahihirap na nangangailangan; at maging sa inyong mga kapitbahay na kamag-anak at mga kapitbahay na di kamag-anak, at sa inyong mga kasamahan sa pang-araw-araw at gayundin sa mga kasamahan ninyo sa paglalakbay at sa mga manlalakbay na nangangailangan; at saka sa mga alipin na nasa ilalim ng inyong pangangasiwa, mga kababaihan man o mga kalalakihan.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi nagmamahal sa sinumang mapagmataas mula sa Kanyang mga alipin at mapagmayabang sa mga tao.

37. Yaong mga sakim na ayaw nilang gumasta at magbigay mula sa kabuhayang ipinagkaloob sa kanila ng Allâh (ﷻ), at hinihikayat nila ang ibang tao na maging sakim ding katulad nila, at ipinagkakait nila ang anumang biyaya at kagandahang-loob na ipinagkaloob sa kanila ng Allâh (ﷻ). At inihanda Namin para sa mga walang pananampalataya ay kahabag-habag na kaparusahan.



38. At inihanda (rin) Namin ang ganitong kaparusahan, sa mga taong gumagasta ng kanilang mga yaman bilang pagpapakitang-tao, na para lamang makita at marinig ng mga tao (ang kanilang ginagawa), at hindi talagang naniniwala sa Allâh mula sa kanilang mga kalooban at gawa; at ganoon din, hindi rin sila naniniwala sa Kabilang Buhay. At ang mga masasamang gawaing ito ay mula sa pambubuyo sa kanila ni '*Shaytân*.' Ang sinumang maging kaibigan ni '*Shaytân*' ay siya na (ang ibig sabihin ay si '*Shaytân*') ang pinakamasamang kaibigan.

39. At ano bang kapahamakan ang maaaring mangyari sa kanila kung sila ay naniwala sa Allâh at sa Kabilang-Buhay, at gumasta mula sa anumang biyayang ipinagkaloob sa kanila ng Allâh (ﷻ) bilang paghahangad ng pagmamahal ng Allâh (ﷻ) at malinis na kalooban, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa kanila at sa kung anumang kanilang ginagawa at huhukuman sila ayon sa mga gawain na ito.

40. Katiyakan! Ang Allâh (ﷻ), hindi Niya binabawasan nang kahit na katiting na katiting ang gantimpala ng gawain ng sinuman, subali't ang kahit na katiting na katiting na kabutihan ay dinaragdagan Niya at Kanyang pinararami sa sinumang gumagawa nito at pinagkakalooban Niya pa ito ng karagdagan at ibinibigay Niya ang dakilang gantimpala mula sa Kanya, na ito ay '*Al-Jannah*' (Hardin).

41. Paano kung gayon, ang mangyayari sa mga tao sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kapag dinala ng Allâh (ﷻ) sa bawa't nasyon ang kanilang Sugo para tumestigo sa kanila, sa anumang kanilang nagawa; at dadalhin ka ng Allâh (ﷻ), O Muhammad (ﷺ), para maging testigo sa iyong sambayanan at sa lahat ng mga Sugo na sila ay naiparating nila sa kanilang mga sambayanan ang mga mensahe ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha?

42. Sa Araw na yaon ay magaganap ang pag-aasam ng mga walang pananampalataya sa Allâh, at sa mga sumalungat at hindi sinunod ang Kanyang Sugo; na sana ay nanatili na lamang silang nasa ilalim ng kalupaan, na sana ay naging mga alabok na lamang sila, nang sa gayon ay hindi sila bubuhayin na mag-

uli; subali't hindi nila maitatago ang kahit na anumang bagay sa Allâh (ﷻ) na nasa kanilang mga kalooban, dahil isinara ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga bibig at tumestigo laban sa kanila ang mga bahagi ng kanilang katawan sa anumang kanilang nagawa.

43. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Huwag ninyong lapitan ang pagsa-'*Salâh*' at huwag ninyo itong isagawa habang kayo ay nasa kalagayan ng kalasingan, hanggang sa mabatid ninyo kung ano ang inyong mga sinasabi.

Ito ang katuruang inihayag bago ipinahayag ang pinakahuling batas hinggil sa pagbabawal ng mga nakalalasing na bagay sa lahat ng pagkakataon. At huwag kayong lumapit sa pagsa-'*Salâh*' (na ang ibig sabihin ay huwag ninyo itong isagawa) kung kayo ay nasa kalagayan ng '*Janâbah*,'[30] at huwag din kayong lumapit sa mga dasalang lugar na katulad ng '*Masjid*,' maliban na lamang sa sinuman sa inyo na nais lamang dumaan mula sa isang pinto patungo sa kabila. At ang pagsa-'*Salah*' ay hindi ninyo maaaring gawin hanggang hindi ninyo naisasagawa ang pangkalahatang pagpapaligo ng buong katawan (na tinatawag na '*Ghusl*').

At kapag kayo ay may sakit at hindi ninyo kayang gumamit ng tubig, o di kaya ay naglalakbay kayo, o di kaya ay nagbawas (o dumumi) ang isa sa inyo, o di kaya ay nakipagtalik kayo sa inyong mga asawa; at wala kayong makitang tubig para malinis ninyo ang inyong mga sarili, samakatuwid ay kumuha kayo ng malinis na alikabok (pagkatapos ay hipan) at ito ay ipahid ninyo sa inyong mga mukha at sa inyong mga kamay (na tinatawag na '*Tayammum*').[31] Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '`***Afouwan Ghafourâ***' – Napakalawak ang Kanyang Pang-unawa na Ganap na Mapagpatawad sa inyo.

44. Hindi mo ba alam, O Muhammad (ﷺ), ang nangyari sa mga Hudyo na pinagkalooban ng kaalaman, hinggil sa kung ano ang ipinahayag sa '*Tawrah*;' subali't ipinagpalit nila ang patnubay sa pagkaligaw, at tinalikuran nila ang anuman na nasa kanila na mga katibayan at mga palatandaan, na nagpapatunay sa pagiging totoo ng mensahe ng Sugong si Muhammad (ﷺ); at hinahangad nila sa inyo, O kayong mga naniniwala na pinatnubayan, na kayo ay lilihis mula sa Matuwid na Landas, nang sa gayon ay magiging ligaw din kayo na katulad nila.

---

[30]'*Janâbah*' – ang kalagayan ng isang tao pagkatapos ng naganap na pagtatalik sa kanyang asawa, o pagkatapos na nangyari ang isang '*wet dream*' o iba pa na naging sanhi ng paglabas ng semilya. Ang isang tao na nasa ganitong kalagayan ay nararapat na magsagawa ng '*ghusl*' o pagpapaligo ng buong katawan, o di kaya ay '*tayammum*' bilang panghalili kapag makasasama sa kanya ang humipo ng tubig o maligo.

[31]'*Tayammum*' – ang isang pamamaraan ng pagsasagawa nito ay idadampi ang mga palad ng kamay sa alikabok o di kaya ay sa malinis na lupa o buhangin, at pagkatapos ay hihipan ang mga alikabok nito at ipapadaan o ipapahid ang mga ito sa mukha, at pagkatapos ay sa magkabilang likuran ng palad.

45. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam kaysa sa inyo, O kayong mga naniwala, hinggil sa tunay na pakikipaglaban ng mga Hudyo sa inyo; subali’t sapat na ang Allâh (ﷻ) sa inyo bilang inyong ‘***Walee***’ – Tagapagkalinga, Tagapangalaga at sapat na Siyang Tagapagtaguyod na tumutulong sa inyo laban sa inyong mga kalaban.

46. Mayroong grupong kabilang sa mga Hudyo, na naging kaugalian na nila, ang pagpalit-palitin at baguhin ang mga salita ng Allâh (ﷻ), bilang pagsisinungaling laban sa Allâh (ﷻ). At sinasabi nila sa Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ): “*Narinig namin ang iyong salita at nilalabag namin ang iyong ipinag-uutos*; *na kung gayon*, *makinig ka sa amin na parang wala kang narinig*.” Sinasabi nilang: “***Râ`i-na sam`aka***” (na ang ibig sabihin ay “*intindihin mo ang anumang nagmumula sa amin at unawain mo kami*”), na binabaluktot nila ang kanilang mga dila ng mga ganoong pananalita na ang hangarin ay panalangin laban sa kanya (kay Propeta Muhammad ﷺ), na sa kanilang wikang Hebreo, ang kahulugan nito ay pag-aalipusta sa kanya at pag-aalipusta sa ‘*Deen*’ ng Islâm.

Subali’t kung sinabi nila na: “*Narinig namin at sinunod namin*,” sa halip na pagsabi nila ng, “*Nilabag namin at makinig ka na parang wala kang narinig*;” at “*Ipaunawa mo sa amin*,” sa halip na pag-aalipusta; yaon ay mas makababuti para sa kanila sa paningin ng Allâh (ﷻ) at yaon ang pinakamatuwid na salita.

Kaya inilayo sila ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang Awa dahil sa kanilang pagtanggi at di-pagtanggap sa pagiging Propeta ni Propeta Muhammad (ﷺ); na sila ay walang paniniwala sa katotohanan kundi napakaliit, na ito ay di man lamang nakapagbibigay sa kanila ng kapakinabangan.

47. O kayong mga nagtatangan ng Kasulatan, na mga Hudyo at mga Kristiyano! Maniwala kayo at tuparin ninyo ang anumang ipinahayag Namin sa Dakilang Qur’ân, na nagpatotoo sa anumang nasa inyong mga Kasulatan; bago Namin kayo puksain dahil sa inyong masasamang gawain, at baligtarin ang inyong mga mukha na ito ay papuntahin Namin sa inyong mga likuran; o di kaya ay isumpa Namin ang mga yaong gumagawa ng paninira sa pamamagitan ng pagbabagong-anyo sa

kanila, na sila ay gagawing mga unggoy at mga baboy, na katulad ng ginawa Naming pagsumpa sa mga Hudyo na pinili sa kanila ng Allâh (ﷻ) ang Sabado bilang araw ng pagsamba at pamamahinga – mga '*Ashâbus Sabbath*' – na sila ang mga yaong pinagbawalan ng Allâh (ﷻ) na mangisda sa araw ng Sabado, subali't nagpatuloy pa rin sila sa pangingisda; na kung kaya, isinumpa sila ng Allâh at inilayo sila mula sa Kanyang Awa. Samakatuwid, ang anumang naisin ng Allâh (ﷻ) ay Siyang palaging nagaganap sa lahat ng pagkakataon.

48. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), hindi Niya pinatatawad at hindi Niya pinalalampas ang kasalanan ng sinumang sumamba ng iba bukod sa Kanya mula sa Kanyang mga nilikha; o di kaya ay nakagawa ng pagtanggi na kahit na anumang uri ng pagtanggi o di-paniniwala; subali't pinatatawad Niya ang anumang kasalanan maliban sa '*Shirk*' na ito, sa sinumang Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin; na kung kaya, ang sinumang nagsagawa ng pagtatambal o '*Shirk*' sa pagsamba sa Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangan na nakagawa siya nang napakalaking pagkakasala.

49. Hindi mo ba alam, O Muhammad (ﷺ), ang nangyari sa mga yaong pinupuri nila ang kanilang mga sarili at mga gawa, at binabansagan nila ang kanilang mga sarili bilang malilinis at malayo mula sa kasamaan? Gayong ang Allâh (ﷻ) lamang ang Bukod-tangi na karapat-dapat na pumuri sa sinumang Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin, dahil Siya lamang ang Ganap na Nakaaalam ng katotohanan sa anumang kanilang nagawa; at wala Siyang binabawas ng kahit na katiting na katiting na bagay mula sa kanilang ginawa, na kahit kasing tulad ng '*Fatîla*' – ang hibla (o parang isang maiksing sinulid na kulay puti) na nasa buto ng bunga ng '*Thamr*' o datiles.

50. Pagmasdan mo sila, O Muhammad (ﷺ), nang may pagkamangha kung paano sila lumikha ng kasinungalingan laban sa Allâh; gayong ang Allâh (ﷻ) ay ligtas sa anumang uri na hindi angkop sa Kanyang Kadakilaan? Sapat na ang pagsisinungaling nila bilang isang napakalaking kasalanan na nagbubunyag ng mali nilang paniniwala.

51. Hindi mo ba alam, O Muhammad (ﷺ), ang nangyari sa mga Hudyong pinagkalooban ng ilang bahagi ng kaalaman, na ang pinaniniwalaan nila ay ang lahat ng sinasamba bukod sa Allâh na tulad ng mga rebulto, at saka mga '*Shaytân*' ng mga tao at mga '*Jinn*;' at sinasabi nila sa mga yaong hindi naniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugong si Muhammad: "*Ang mga taong ito* (*na walang pananampalataya*) *ang mas higit na matuwid at nasa tamang landas*, *kaysa sa kanila na mga mananampalataya*."

أُولَٰئِكَ ٱلَّذِينَ لَعَنَهُمُ ٱللَّهُ ۖ وَمَن يَلْعَنِ ٱللَّهُ فَلَن تَجِدَ لَهُۥ نَصِيرًا ﴿٥٢﴾
أَمْ لَهُمْ نَصِيبٌ مِّنَ ٱلْمُلْكِ فَإِذًا لَّا يُؤْتُونَ ٱلنَّاسَ نَقِيرًا ﴿٥٣﴾ أَمْ
يَحْسُدُونَ ٱلنَّاسَ عَلَىٰ مَآ ءَاتَىٰهُمُ ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦ ۖ فَقَدْ ءَاتَيْنَآ
ءَالَ إِبْرَٰهِيمَ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحِكْمَةَ وَءَاتَيْنَٰهُم مُّلْكًا عَظِيمًا ﴿٥٤﴾
فَمِنْهُم مَّنْ ءَامَنَ بِهِۦ وَمِنْهُم مَّن صَدَّ عَنْهُ ۚ وَكَفَىٰ بِجَهَنَّمَ سَعِيرًا
﴿٥٥﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا سَوْفَ نُصْلِيهِمْ نَارًا كُلَّمَا نَضِجَتْ
جُلُودُهُم بَدَّلْنَٰهُمْ جُلُودًا غَيْرَهَا لِيَذُوقُوا۟ ٱلْعَذَابَ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ
كَانَ عَزِيزًا حَكِيمًا ﴿٥٦﴾ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ
سَنُدْخِلُهُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۖ
لَّهُمْ فِيهَآ أَزْوَٰجٌ مُّطَهَّرَةٌ ۖ وَنُدْخِلُهُمْ ظِلًّا ظَلِيلًا ﴿٥٧﴾ ۞ إِنَّ
ٱللَّهَ يَأْمُرُكُمْ أَن تُؤَدُّوا۟ ٱلْأَمَٰنَٰتِ إِلَىٰٓ أَهْلِهَا وَإِذَا حَكَمْتُم بَيْنَ
ٱلنَّاسِ أَن تَحْكُمُوا۟ بِٱلْعَدْلِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ نِعِمَّا يَعِظُكُم بِهِۦٓ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ سَمِيعًۢا
بَصِيرًا ﴿٥٨﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُوا۟ ٱلرَّسُولَ وَأُو۟لِى
ٱلْأَمْرِ مِنكُمْ ۖ فَإِن تَنَٰزَعْتُمْ فِى شَىْءٍ فَرُدُّوهُ إِلَى ٱللَّهِ وَٱلرَّسُولِ إِن كُنتُمْ
تُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ ۚ ذَٰلِكَ خَيْرٌ وَأَحْسَنُ تَأْوِيلًا ﴿٥٩﴾

52. Sila ang mga yaong dumami na ang kapinsalaan sa kanilang mga nagawa at lumaganap na ang kanilang pagkaligaw, inilayo sila ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang awa bilang sumpa, at sinuman ang inilayo ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang awa; kailanman, ay hindi na siya makakakita pa ng sinumang makatutulong sa kanya at maglalayo mula sa masidhing kaparusahan.

53. O mayroon ba silang kabahagi sa Kaharian? Kung sakaling sila ay pagkalooban noon ay hindi nila bibigyan ang sinuman ng kahit na kaunti na maging kasing-liit ng isang '*Naqîr*' – isang batik o tuldok na nasa buto ng datiles;

54. O di kaya ay naiinggit ba sila kay Muhammad (ﷺ), sa anumang ipinagkaloob sa kanya ng Allâh (ﷻ), na biyaya na pagiging isang Propeta at Sugo; at naiinggit sila sa kanyang mga '*Sahâbah*' sa biyaya ng Patnubay tungo sa paniniwala at sa pagtanggap nila sa mensahe at pagsunod nila sa Sugo, at pangingibabaw sa daigdig; na inaasam-asam nila na mawala ang mga biyayang ito sa kanila?

Subali't pinagkalooban Namin noon ang pamilya ni Ibrâhim (عليه السلام) ng mga Aklat na ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa kanila at kung ano ang ipinahayag sa kanila na wala sa Aklat na kanilang binabasa; at pinagkalooban din Namin sila kalakip noon ng malawak na kaharian.

55. At mayroon sa kanila na pinagkalooban ng bahagi ng kaalaman ang naniwala sa mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ) at sinunod ang kanyang batas; at mayroon din namang tumanggi at di-tinanggap ang kanyang paanyaya, at pinagbawalan ang mga tao na sumunod sa kanya. Sapat na sa inyo na mga sinungaling ang lagablab ng Impiyernong-Apoy.

56. Katiyakan, yaong mga tumanggi sa anumang ipinahayag ng Allâh (ﷻ) na Kanyang mga talata at Rebelasyon bilang Kanyang Aklat, at sa mga katibayan at mga palatandaan; walang pag-aalinlangan, ipapasok Namin sila sa Impiyerno, na malalasap nila ang tindi ng lagablab nito, at sa tuwing masusunog ang kanilang

mga balat ay papalitan Namin ito ng panibagong mga balat, nang sa gayon ay patuloy nilang malasap ang kaparusahan para sa kanila at ang kasidhian nito. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***`Azeez***' – Kataas-Taasan at Punong-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan at walang sinuman ang makapipigil sa Kanya, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa at paghahatol.

57. At sa mga yaong naging panatag ang kanilang mga kalooban sa pamamagitan ng paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagtanggap sa mensahe ng Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ), at nagpakatuwid sila sa pagsunod, walang pag-aalinlangan, ipapasok Namin sila sa '*Al-Jannât*' (mga Hardin) na sa ilalim nito ay may umaagos na mga ilog, at sila ay lubos na masisiyahan doon nang walang-hanggan, at hindi na sila palalabasin pa mula roon magpakailanman. At para sa kanila ay mga asawa, na nilinis ng Allâh (ﷻ) mula anumang dungis, at papapasukin sila sa napakalawak na mga lilim sa '*Al-Jannah*' (Hardin).

58. Katiyakan, inutusan kayo ng Allâh (ﷻ) na ibalik ang mga ipinagkatiwala sa inyo roon sa mga nagmamay-ari nito, at huwag kayong magpapabaya hinggil sa pangangalaga nito; at inutusan din Niya kayo na humatol sa pagitan ng mga tao, nang pantay at makatarungang paghatol kapag kayo ay maghahatol sa pagitan nila, katiyakang napakaganda ang mga ganitong payo ng Allâh (ﷻ) at Kanyang pamamatnubay patungo sa Kanya. Walang pag-aalinlangan, anong kahanga-hanga at napakahusay na pagpapayo ang ibinigay ng Allâh (ﷻ) sa inyo!

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee`***' – Ganap na Nakakarinig sa lahat ng inyong mga sinasabi, na '***Baseer***' – Ganap na Nakakakita sa lahat ng inyong mga ginagawa na walang anuman ang naililihim sa Kanya.

59. O kayong mga matatapat sa inyong paniniwala! Sundin ninyo ang utos ng Allâh (ﷻ) at huwag ninyo itong labagin, at sundin din ninyo ang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ) sa kanyang dala-dalang katotohanan; at sundin din ang inyong mga pinuno sa kanilang mga ipinag-uutos na hindi labag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ), at kapag kayo ay mayroong bagay na di-napagkasunduan sa pagitan ninyo ay isangguni ninyo ang hatol hinggil dito sa Aklat ng Allâh at sa '*Sunnah*' ng Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ), kung kayo nga ay naniniwala nang tunay na paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Araw ng Paghuhukom.

Ang pagsangguning ito sa Aklat ng Allâh at sa '*Sunnah*' ay higit na makabubuti sa inyo kaysa sa hindi ninyo pagkakasundu-sundo sa isa't isa at sa pagbibigay lamang ninyo ng sariling pananaw; at ang pagsasangguni ring ito ay higit na makapagdudulot ng mabuting kahihinatnan.



سُورَةُ النِّسَاءِ الجزء الخامس

أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ يَزْعُمُونَ أَنَّهُمْ ءَامَنُوا۟ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيْكَ
وَمَآ أُنزِلَ مِن قَبْلِكَ يُرِيدُونَ أَن يَتَحَاكَمُوٓا۟ إِلَى ٱلطَّٰغُوتِ
وَقَدْ أُمِرُوٓا۟ أَن يَكْفُرُوا۟ بِهِۦ وَيُرِيدُ ٱلشَّيْطَٰنُ أَن يُضِلَّهُمْ
ضَلَٰلًۢا بَعِيدًا ﴿٦٠﴾ وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ تَعَالَوْا۟ إِلَىٰ مَآ أَنزَلَ
ٱللَّهُ وَإِلَى ٱلرَّسُولِ رَأَيْتَ ٱلْمُنَٰفِقِينَ يَصُدُّونَ عَنكَ
صُدُودًا ﴿٦١﴾ فَكَيْفَ إِذَآ أَصَٰبَتْهُم مُّصِيبَةٌۢ بِمَا
قَدَّمَتْ أَيْدِيهِمْ ثُمَّ جَآءُوكَ يَحْلِفُونَ بِٱللَّهِ إِنْ أَرَدْنَآ إِلَّآ
إِحْسَٰنًا وَتَوْفِيقًا ﴿٦٢﴾ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ يَعْلَمُ ٱللَّهُ مَا
فِى قُلُوبِهِمْ فَأَعْرِضْ عَنْهُمْ وَعِظْهُمْ وَقُل لَّهُمْ فِىٓ
أَنفُسِهِمْ قَوْلًۢا بَلِيغًا ﴿٦٣﴾ وَمَآ أَرْسَلْنَا مِن رَّسُولٍ إِلَّا
لِيُطَاعَ بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۚ وَلَوْ أَنَّهُمْ إِذ ظَّلَمُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ
جَآءُوكَ فَٱسْتَغْفَرُوا۟ ٱللَّهَ وَٱسْتَغْفَرَ لَهُمُ ٱلرَّسُولُ
لَوَجَدُوا۟ ٱللَّهَ تَوَّابًا رَّحِيمًا ﴿٦٤﴾ فَلَا وَرَبِّكَ لَا يُؤْمِنُونَ
حَتَّىٰ يُحَكِّمُوكَ فِيمَا شَجَرَ بَيْنَهُمْ ثُمَّ لَا يَجِدُوا۟
فِىٓ أَنفُسِهِمْ حَرَجًا مِّمَّا قَضَيْتَ وَيُسَلِّمُوا۟ تَسْلِيمًا ﴿٦٥﴾

60. Hindi mo ba alam, O Muhammad (ﷺ), ang hinggil sa mga mapagkunwari, na inaangkin nilang sila ay mga naniwala sa anumang ipinahayag sa iyo na Dakilang Qur'ân at sa anumang ipinahayag sa mga Sugong nauna sa iyo; na ninanais nila na magpahukom para maayos ang kanilang mga di-napagkakasunduan sa batas na hindi batas ng Allâh, na isang batas na hindi makatarungan; gayong ipinag-utos sa kanila ng Allâh (سبحانه وتعالى) na tanggihan at di-paniwalaan ang anumang kamalian? At subali't ang hinahangad sa kanila ni '*Shaytân*' ay mailayo sila sa Daan ng Katotohanan, nang matinding pagkakalayo.

Dito sa '*Âyah*' o talatang ito, ang katibayan na ang tunay na paniniwala ay nangangahulugan ng pagpapasailalim sa batas ng Allâh at ito ang magiging panuntunan sa lahat ng bagay, na kung kaya, sinuman ang nag-aangkin na siya ay naniwala subali't ang pinili niya ay ang maling batas kaysa sa batas ng Allâh, siya ay sinungaling sa kanyang pag-aangking ito.

61. At kapag pinayuhan ang mga yaong mapagkunwari, na sinasabi sa kanila: "*Halina kayo sa ipinahayag ng Allâh* (سبحانه وتعالى), *at sa Kanyang Sugong si Muhammad* (ﷺ), *at sa Kanyang gabay*," makikita mo ang mga yaong mapagkunwari na ipinapakita nila na sila ay may paniniwala at itinatago ang kanilang di-paniniwala, na tinatalikuran ka na may matinding pagtanggi.

62. Paano kung gayon, ang mangyayari sa yaong mapagkunwari, kapag dumating sa kanila ang kaparusahan dahil sa nagawang kasamaan ng kanilang mga kamay, pagkatapos sila ay nagtungo sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na humihingi ng paumanhin at sumusumpa sa Allâh (سبحانه وتعالى), at tinitiyak nila sa iyo na sila ay wala raw hangaring anuman sa kanilang mga nagawa kundi kabutihan at para ayusin ang hindi pagkakasundu-sundo!

63. Sila ang mga yaong batid ng Allâh ang katotohanan sa kanilang mga puso na pagkukunwari; na kung kaya, hayaan mo na sila (huwag mo na silang parusahan)

subali't balaan mo sila mula sa kasamaang kanilang kinalalagyan, at magsabi ka sa kanila ng mga salitang makabuluhan na tatalab sa kanilang kalooban.

64. Hindi Kami nagpadala ng mga magkakasunod na Sugo kundi para sila ay sundin bilang kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang kapasiyahan. At kung ang mga yaong nagkasala sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa nila ng mga kamalian, ay dumating sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na mga nagsisisi, na humihiling sa Allâh (ﷻ) na sila ay patawarin sa mga kasalanang kanilang nagawa at hiniling mo sa Allâh (ﷻ) para sa kanila ang kapatawaran, (na kung gayon,) matatagpuan nila ang Allâh (ﷻ) na '***Tawwâb***' – Tagapagtanggap ng sinumang nagsisisi at humihingi ng kapatawaran, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal.

65. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa Kanyang Sariling Kataas-taasan, na kailanman ay hindi sila magiging tunay na mananampalataya hanggang hindi ka nila ginagawang hukom, O Muhammad (ﷺ), sa anumang hindi nila napagkakasunduan sa mga pagitan nila, na ito ay noong ikaw ay nabubuhay pa, o di kaya ay magpahukom sila sa iyong '*Sunnah*,' kapag ikaw ay namatay na,[32] pagkatapos ay hindi sila makararamdam sa kanilang mga sarili ng pagtutol sa anumang iyong pinasyahang paghahatol, at sila ay susunod nang ganap na pagsunod, sapagka't ang pagsunod sa anumang dinala ni Propeta Muhammad (ﷺ) na Qur'ân at '*Sunnah*' bilang panuntunan at batas sa lahat ng larangan ng pamumuhay ay pinakaugat ng Paniniwala na kalakip ang kabuuang pagtanggap at kasiyahan.

[32]Na ito ay ang kanyang mga naiwang batas at mga alituntunin ng buhay.

وَلَوْ أَنَّا كَتَبْنَا عَلَيْهِمْ أَنِ اقْتُلُوٓا۟ أَنفُسَكُمْ أَوِ اخْرُجُوا۟ مِن
دِيَٰرِكُم مَّا فَعَلُوهُ إِلَّا قَلِيلٌ مِّنْهُمْ ۖ وَلَوْ أَنَّهُمْ فَعَلُوا۟ مَا يُوعَظُونَ
بِهِۦ لَكَانَ خَيْرًا لَّهُمْ وَأَشَدَّ تَثْبِيتًا ﴿٦٦﴾ وَإِذًا لَّـَٔاتَيْنَٰهُم مِّن
لَّدُنَّآ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿٦٧﴾ وَلَهَدَيْنَٰهُمْ صِرَٰطًا مُّسْتَقِيمًا ﴿٦٨﴾
وَمَن يُطِعِ ٱللَّهَ وَٱلرَّسُولَ فَأُو۟لَٰٓئِكَ مَعَ ٱلَّذِينَ أَنْعَمَ ٱللَّهُ عَلَيْهِم
مِّنَ ٱلنَّبِيِّـۧنَ وَٱلصِّدِّيقِينَ وَٱلشُّهَدَآءِ وَٱلصَّٰلِحِينَ ۚ وَحَسُنَ
أُو۟لَٰٓئِكَ رَفِيقًا ﴿٦٩﴾ ذَٰلِكَ ٱلْفَضْلُ مِنَ ٱللَّهِ ۚ وَكَفَىٰ
بِٱللَّهِ عَلِيمًا ﴿٧٠﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ خُذُوا۟ حِذْرَكُمْ
فَٱنفِرُوا۟ ثُبَاتٍ أَوِ ٱنفِرُوا۟ جَمِيعًا ﴿٧١﴾ وَإِنَّ مِنكُمْ لَمَن لَّيُبَطِّئَنَّ
فَإِنْ أَصَٰبَتْكُم مُّصِيبَةٌ قَالَ قَدْ أَنْعَمَ ٱللَّهُ عَلَىَّ إِذْ لَمْ أَكُن مَّعَهُمْ
شَهِيدًا ﴿٧٢﴾ وَلَئِنْ أَصَٰبَكُمْ فَضْلٌ مِّنَ ٱللَّهِ لَيَقُولَنَّ كَأَن
لَّمْ تَكُۢنۢ بَيْنَكُمْ وَبَيْنَهُۥ مَوَدَّةٌ يَٰلَيْتَنِى كُنتُ مَعَهُمْ فَأَفُوزَ
فَوْزًا عَظِيمًا ﴿٧٣﴾ ۞ فَلْيُقَٰتِلْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ٱلَّذِينَ
يَشْرُونَ ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا بِٱلْـَٔاخِرَةِ ۚ وَمَن يُقَٰتِلْ فِى
سَبِيلِ ٱللَّهِ فَيُقْتَلْ أَوْ يَغْلِبْ فَسَوْفَ نُؤْتِيهِ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿٧٤﴾

66-68. At kung inutusan lamang Namin sila na mga mapagkunwari na nagpapahatol sa mga maling batas, na patayin ng mga inosente mula sa kanila ang mga yaong nagkasala o di kaya ay palabasin sila mula sa kanilang mga bayan, ay hindi sila susunod sa ganoong kautusan maliban na lamang sa mangilan-ngilan sa kanila. Subali't kung sinunod lamang nila ang anumang ipinayo sa kanila, ito ay magdudulot ng kapakinabangan para sa kanila at magpapatibay ng kanilang Pananampalataya, at pagkakalooban Namin sila ng dakilang gantimpala mula sa Amin, dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at gagabayan Namin sila at papatnubayan patungo sa Matuwid na Landas.

69. At sinuman ang susunod sa mga kautusan ng Allâh (ﷻ) at sa patnubay ng Kanyang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ), ay itinaas nila ang kanilang mga antas at kabilang sila sa mga hanay ng mga biniyayaan ng Allâh (ﷻ) at pinagkalooban ng '*Al-Jannah*' (Hardin), na mga propeta, mga matutuwid na mga naniwala nang buong katapatan, at mga '*Shuhadah*' (namatay nang alang-alang sa Allâh), at mga mababuting mananampalataya, na sila ang mga pinakamababuting kasamahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin).

70. Iyan ang kagandahang-loob mula sa Allâh (ﷻ) na Nag-iisa at Bukod-Tangi, at sapat na ang Allâh (ﷻ) bilang Ganap na Nakababatid ng lahat, batid Niya ang mga pangyayari sa Kanyang mga alipin at kung sinuman sa kanila ang karapat-dapat na pagkalooban ng masaganang gantimpala dahil sa kanyang mga mababuting nagawa.

71. O kayong mga naniwala! Maging maingat kayo sa pamamagitan ng paghahanda sa pakikipaglaban sa inyong mga kalaban at magtungo kayo para makipagtagpo sa kalaban nang pangkat-pangkat o di kaya ay sabay-sabay.

72. At katiyakan, mayroong kabilang sa inyo na mga taong nagpapahuli o nagpapaantala sa kanyang pag-alis para sa pakikipagharap sa mga kalaban, na nagtatamad-tamaran at sadyang sinisira ang kalooban ng iba.

At kapag naitakda sa inyo na subukin kayo sa pamamagitan ng pagkamatay o pagkatalo, sasabihin niya nang may kagalakan, "*Pinangalagaan ako ng Allâh*, *dahil sa hindi ako nakasama noong dumating sa kanila ang sakuna na kinamumuhian ko*," at matutuwa siya dahil sa kanyang ginawang pagpapaiwan mula sa inyo.

73. At kapag nagkamit kayo ng kagandahang-loob mula sa Allâh (ﷻ) at '*Ghanîmah*' ay sasabihin niya na may kasamang panibugho at panghihinayang na parang walang nangyaring pagmamahalan sa pagitan ninyo at niya, "*Sana ay nakasama ako sa kanila*, *nang sa gayon ay nagkamit din ako ng tagumpay na katulad nila na nagkamit ng kaligtasan*, *pagkapanalo at* '*Ghanîmah*.' "

74. Samakatuwid ay makipaglaban kayo sa mga kumakalaban sa '*Deen*' ng Allâh (ﷻ) para itaguyod ang Kanyang '*Deen*' at mangibabaw ang Kanyang batas, na sila ay ang mga yaong ipinagpalit ang makamundong bagay sa buhay sa Kabilang-Buhay at ang gantimpala nito. At sinuman ang nakipag-'*Jihâd*' sa Daan ng Allâh nang taimtim pagkatapos siya ay napatay o di kaya ay nagwagi, walang pag-aalinlangang ipagkakaloob Namin sa kanya ang dakilang gantimpala.

وَمَا لَكُمْ لَا تُقَٰتِلُونَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَٱلْمُسْتَضْعَفِينَ مِنَ ٱلرِّجَالِ
وَٱلنِّسَآءِ وَٱلْوِلْدَٰنِ ٱلَّذِينَ يَقُولُونَ رَبَّنَآ أَخْرِجْنَا مِنْ هَٰذِهِ ٱلْقَرْيَةِ
ٱلظَّالِمِ أَهْلُهَا وَٱجْعَل لَّنَا مِن لَّدُنكَ وَلِيًّا وَٱجْعَل لَّنَا مِن لَّدُنكَ
نَصِيرًا ﴿٧٥﴾ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ يُقَٰتِلُونَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۖ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟
يُقَٰتِلُونَ فِى سَبِيلِ ٱلطَّٰغُوتِ فَقَٰتِلُوٓا۟ أَوْلِيَآءَ ٱلشَّيْطَٰنِ ۖ إِنَّ كَيْدَ
ٱلشَّيْطَٰنِ كَانَ ضَعِيفًا ﴿٧٦﴾ أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ قِيلَ لَهُمْ كُفُّوٓا۟ أَيْدِيَكُمْ
وَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتُوا۟ ٱلزَّكَوٰةَ فَلَمَّا كُتِبَ عَلَيْهِمُ ٱلْقِتَالُ إِذَا فَرِيقٌ
مِّنْهُمْ يَخْشَوْنَ ٱلنَّاسَ كَخَشْيَةِ ٱللَّهِ أَوْ أَشَدَّ خَشْيَةً ۚ وَقَالُوا۟ رَبَّنَا لِمَ
كَتَبْتَ عَلَيْنَا ٱلْقِتَالَ لَوْلَآ أَخَّرْتَنَآ إِلَىٰٓ أَجَلٍ قَرِيبٍ ۗ قُلْ مَتَٰعُ ٱلدُّنْيَا
قَلِيلٌ ۖ وَٱلْءَاخِرَةُ خَيْرٌ لِّمَنِ ٱتَّقَىٰ ۖ وَلَا تُظْلَمُونَ فَتِيلًا ﴿٧٧﴾ أَيْنَمَا
تَكُونُوا۟ يُدْرِككُّمُ ٱلْمَوْتُ وَلَوْ كُنتُمْ فِى بُرُوجٍ مُّشَيَّدَةٍ ۗ وَإِن تُصِبْهُمْ
حَسَنَةٌ يَقُولُوا۟ هَٰذِهِۦ مِنْ عِندِ ٱللَّهِ ۖ وَإِن تُصِبْهُمْ سَيِّئَةٌ يَقُولُوا۟
هَٰذِهِۦ مِنْ عِندِكَ ۚ قُلْ كُلٌّ مِّنْ عِندِ ٱللَّهِ ۖ فَمَالِ هَٰٓؤُلَآءِ ٱلْقَوْمِ لَا يَكَادُونَ
يَفْقَهُونَ حَدِيثًا ﴿٧٨﴾ مَّآ أَصَابَكَ مِنْ حَسَنَةٍ فَمِنَ ٱللَّهِ ۖ وَمَآ أَصَابَكَ مِن
سَيِّئَةٍ فَمِن نَّفْسِكَ ۚ وَأَرْسَلْنَٰكَ لِلنَّاسِ رَسُولًا ۚ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ شَهِيدًا ﴿٧٩﴾

75. Ano ba ang pumipigil sa inyo, O kayong mga naniwala, sa pakikipaglaban sa mga kumakalaban sa '*Deen*' ng Allâh at nangaapi sa mga mananampalataya bilang '*Jihâd*' upang itaguyod ang '*Deen*' ng Allâh; at pagtulong sa mga alipin ng Allâh na mahihina, mga pinagmamalupitan, mga hinahamak mula sa mga kalalakihan at mga kababaihan at mga murang edad, na sila ay walang kakayahan at anumang kaparaanan kundi ang paghingi ng saklolo sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na sila ay nananalangin at kanilang sinasabi: "*O aming* '*Rabb*,' *iligtas Mo kami mula sa bayang ito – Makkah*[33] *– na ang mga tao rito ay sinira nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagtanggi sa katotohanan at mapanghamak sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng pang-aapi. At pagkalooban Mo kami mula sa Iyo ng taong mamumuno*, *at mangangalaga sa amin*, *at magtataguyod*, *at ipagtatanggol kami laban sa mga mang-aapi?*"

76. Yaong tunay na naniwala, na taimtim sa kanilang kalooban at gawa, ay nakipaglaban sa Daan ng Allâh bilang '*Jihad*' patungo sa pagtaguyod ng katotohanan at ang mga tagasunod nito; samantalang yaong mga walang pananampalataya na tumanggi sa katotohanan, ay nakipaglaban para maghasik ng kasamaan sa ibabaw ng kalupaan dahil sa pagsunod nila sa '*Tâghût*' o '*Shaytân*;' na kung gayon, makipaglaban kayo, O kayong mga naniwala, sa mga yaong mang-aapi at mga mapanghamak na nagmamahal kay '*Shaytân*' at sumusunod sa kanyang kagustuhan, dahil walang pag-aalinlangang ang pakana ni '*Shaytân*' para sa kanyang mga tagasunod ay sadyang napakahina.

77. Hindi mo ba napagtuunan ng pansin, O Muhammad (ﷺ), yaong mga pinagsabihan noong hindi pa inihahayag ang pahintulot hinggil sa pakikipaglaban sa Daan ng Allâh bilang '*Jihâd*' na: "*Pigilan ninyo ang inyong mga kamay sa pakikipaglaban sa inyong mga kalabang* '*Mushrikin*,' *at nararapat sa inyo na*

[33]Ito ay tumutukoy noong kapanahunan ni Propeta Muhammad (ﷺ) na kakaunti pa lamang sila at mahihina sa Makkah.

isagawa ang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) *na pagsa-*‘*Salâh*’ *at pagbibigay ng* ‘*Zakâh*;’” subali’t noong ipinag-utos na sa kanila ang pakikipaglaban, ang isang grupo mula sa kanila ay nabago ang pananaw, sila ay naging mga duwag at natakot sa mga tao na katulad ng kanilang pagkatakot sa Allâh (ﷻ) o naging mas higit pa ang kanilang pagkatakot; at inihayag nila ang nangyari sa kanila na matinding pagkatakot sa pamamagitan ng pagsasabi ng: “*O aming* ‘*Rabb*,’ *bakit mo ipinag-utos sa amin ang pakikipaglaban? Hindi ba maaari na bigyan Mo kami nang kahit na kaunting palugit man lamang na panahon?*”

Ito ay sa kadahilanang pagnanasa sa makamundong buhay. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): “*Ang kaligayahan ng makamundong buhay ay napakaikli lamang*, *gayong sa Kabilang-Buhay*, *naroon ang dakilang gantimpalang walang hanggan sa sinumang natatakot at isinagawa ang anumang ipinag-utos sa kanya*, *at iniwasan ang anumang ipinagbawal. At hindi dadayain ng iyong* ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha ang sinuman sa inyo nang kahit na katiting na* ‘*Fatîla*’ *– hibla na kulay puti na matatagpuan sa biyak na buto ng prutas ng* ‘*Thamr*’ *o datiles*.

78. “*Kahit saan man kayo naroroon ang kamatayan ay darating sa inyo*, *kahit saang lupalop man kayo*, *kahit na kayo ay nasa loob ng inyong mga kuta na itinayo nang pagkatatag-tatag na malayo sa mga lugar ng labanan*, *at kapag dumating ang nakatakdang panahon sa inyo ay mamamatay kayo*.”

At kapag nangyari sa kanila ang anumang kasiyahan sa makamundong buhay, sasabihin nila: “*Ito ay nagmula sa Allâh*,” at kapag may nangyari naman sa kanila na di-kanais-nais na bagay, sasabihin nila: “*Ito ay nanggaling sa Sugong si Muhammad*,” bilang kamangmangan at kawalan ng kanilang pag-asa. At hindi nila alam na ang lahat ng mga pangyayari ay nagmula lamang sa Allâh (ﷻ), sa Kanyang pagpapasiya at pagtatakda. Samakatuwid, ano ba ang nangyayari sa mga tao na sila ay walang maintindihan sa anumang mga paliwanag?

79. Ang anumang nangyari sa iyo bilang tao na kabutihan at biyaya, ay nagmula lamang sa Allâh (ﷻ) bilang kagandahang-loob at kabutihan; at ang anumang nangyari sa iyo na kasamaan, mga di-kanais-nais na bagay, at paghihikahos; ay dahil sa masamang iyong nagawa at sa anumang nagawang pagkakamali at mga kasamaan ng iyong mga kamay.

Ipinadala ka Namin, O Muhammad (ﷺ), sa lahat ng mga tao bilang Sugo para iparating sa kanila ang mensahe ng iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, at sapat na ang Allâh (ﷻ) bilang Testigo na ang iyong mensahe ay katotohanan.

80. Sinuman ang sumunod sa Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ) at isasagawa ang kanyang katuruan, katiyakang sinunod niya ang Allâh (ﷻ) at isinagawa niya ang Kanyang ipinag-utos; at sinuman ang tatanggi sa pagsunod sa kagustuhan ng Allâh at ng Kanyang Sugo, samakatuwid, hindi ka Namin ipinadala, O Muhammad (ﷺ), para pagmatyagan ang mga yaong tumanggi sa kanilang mga gawain at para sila ay husgahan, sapagka't Kami ang maghuhusga sa kanila.

81. At ipinapakita ng mga tumanggi habang sila ay nasa kapulungan na kasama ang Sugo ng Allâh, na sila ay sumusunod sa Sugo at sa anumang kanyang dinalang kautusan; subali't kapag sila ay nakaalis at nakalayo na mula sa kanyang (Muhammad) pinag-pulungan, nagpapakana ang grupo mula sa kanila sa gabi na salungat doon sa kanilang ipinahayag na pagsunod; gayong hindi nila alam na ito ay batid ng Allâh (ﷻ), na itinatala ang kanilang mga ginagawang pakana at gagantihan sila ayon dito nang buong kabayaran.

Kung gayon, pabayaan mo sila, O Muhammad (ﷺ), at huwag mo na silang alalahanin dahil hindi ka nila maipapahamak, at ipaubaya mo ang iyong sarili sa Allâh (ﷻ) sapagka't sapat na ang Allâh (ﷻ) bilang iyong '***Wakeel***' – Tagapangalaga at Tagapagtaguyod.

82. Hindi ba nila napagtutuunan ng pansin ang Kabanal-banalan na Qur'ân at ang nilalaman nito na katotohanan para unawain at alamin, dahil ito ay inihayag na nasa ganap na kaayusan at kaangkupan, na walang pag-aalinlangan, ito ay nagmula lamang sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi? At kung ito ay nagmula sa iba bukod sa Allâh ay makakakita sila rito ng maraming pagkakasalungatan.

83. At kapag dumating sa mga yaong hindi pa lubusang nakatanim ang Pananampalataya sa kanilang mga puso, ang mga pangyayaring nararapat na ilihim hinggil sa kaligtasang nagdudulot ng kabutihan sa Islâm at saka sa mga Muslim, o di kaya ay pagkatakot na nagdudulot ng pangamba sa kanilang mga puso, ay ikinakalat nila at ipinamamalita nila sa mga tao; gayong kung

isinangguni lamang nila ang anumang dumating sa kanila sa Sugo ng Allâh at sa mga may kaalaman at mga paham, ay tiyak na malalaman ng mga marurunong mula sa kanila ang tamang kahulugan at pagkakaunawa hinggil sa bagay na ito.

At kung hindi lamang dahil sa kagandahang-loob at awa mula sa Allâh (ﷻ) para sa inyo, ay susunod kayo kay '*Shaytân*' at sa kanyang mga ibinubuyo, maliban sa mangilan-ngilan sa inyo.

84. Kung gayon, makipaglaban ka sa mga kumakalaban sa '*Deen*' ng Allâh, O Muhammad (ﷺ), sa Daan ng Allâh, at sa pangingibabaw ng Kanyang batas; hindi ka mananagot sa gawain ng iba kundi sarili mo lamang ang iyong pananagutan. At utusan mo ang mga mananampalataya na makipaglaban sa mga kumakalaban sa '*Deen*' ng Allâh at himukin mo sila, nang sa gayon, pipigilin ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan mo at sa pamamagitan nila, ang kasamaan at kalupitan ng mga di-naniwala.

At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Pinakamalakas at napakasidhi ang Kanyang kaparusahan sa mga walang pananampalataya.

85. Ang sinumang mamagitan para sa mabuting kapakanan ng iba ay magkakamit siya ng gantimpala nito, subali't ang mamagitan para sa ikapapahamak ng iba ay magkakaroon siya ng bahagi sa kasalanan at sa kaparusahan nito. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Muqeet***' – Siyang May Kakayahang Gawin at Magmasid sa lahat ng bagay.

86. At kapag bumati ng '*Salâm*' (kapayapaan) sa inyo ang isang Muslim ay tugunin ninyo nang higit pa kaysa sa kanyang ginawang pagbati sa inyo o binigkas na '*Salâm*,' na may maaliwalas na pagmumukha; o di kaya ay tugunin ninyo nang katulad ng ginawa niyang pagbati ng '*Salâm*' – at alinman sa mga ito ang iyong gagawin ay walang pag-aalinlangan na mayroon itong sapat na gantimpala. Katiyakang ang Allâh (ﷻ) ang '***Haseeb***' – Ganap na Napakaingat at Angkop na Angkop ang Kanyang Paghuhusga sa lahat ng bagay.

87. Ang Allâh (ﷻ) ay Siyang Bukod-Tanging karapat-dapat na sambahin, na walang sinuman ang may karapatang sambahin ng lahat ng mga nilalang kundi Siya lamang, na katiyakang titipunin Niya kayo sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na walang pag-aalinlangan ang hinggil dito na paghuhukom at pagbabayad. At walang sinuman ang hihigit sa pagiging totoo sa pananalita kaysa sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang pagpapahayag.

88. Ano ang nangyari sa inyo, O kayong mga naniwala, na kayo ay nagkaroon ng dalawang grupong magkasalungat sa pananaw hinggil sa kanila na mga mapagkunwari: ang isang grupo sa inyo na nagsasabing makipaglaban sa kanila at yaong isang grupo naman ay salungat sa sinabi noong isa? Ibinalik sila ng Allâh (ﷻ) sa maling pananampalataya at pagkaligaw dahil sa kanilang mga maling gawain. Nagnanais ba kayo na gabayan ang sinumang inilihis ng Allâh (ﷻ) ang kanyang puso mula sa Kanyang '*Deen?*' At sinuman ang ililihis ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang '*Deen*' at sa pagsunod sa Kanyang Kautusan ay wala na siyang kaparaanan pa tungo sa patnubay.

89. Ang inaasam-asam ng mga mapagkunwari sa inyo, O kayong mga naniwala, na sana ay tanggihan ninyo ang anumang inyong pinaniniwalaan sa inyong mga puso, na katulad ng kanilang pagtanggi sa kanilang mga puso; nang sa gayon ay magiging magkatulad kayo sa pagtanggi ng katotohanan. Samakatuwid, huwag ninyo silang ituring na mga '*awliyâ*`' (tagapangalaga) hanggang hindi sila nangingibang-bayan sa Daan ng Allâh, na magpapatunay na sila ay totoo sa kanilang paniniwala.

At kapag sila ay tumalikod sa Islâm ay hulihin ninyo sila na mga mapagkunwari kahit saan ninyo sila matagpuan at patayin, at huwag na huwag ninyong ituring ang kahit na sinuman sa kanila na tagapagtaguyod o katulong (tagapangalaga) bukod sa Allâh.

90. Subali't ang mga yaong may kasunduan sa mga taong nakipagkasundo sa inyo, ay huwag kayong makipaglaban sa kanila; at ganoon din sa kanila na dumating sa inyo, na hindi nila matanggap sa kanilang mga kalooban ang makipaglaban sa inyo at ayaw din nilang makipaglaban sa kanilang sambayanan, na kung kaya, huwag ninyo silang kalabanin, at kung gugustuhin ng Allâh (ﷻ), katiyakang mangingibabaw sila sa inyo at makikipagpatayang kasama ang inyong mga kalabang '*Mushrikin*;' subali't inilayo sila ng Allâh (ﷻ) sa inyo dahil sa Kanyang kagandahang-loob at kapangyarihan.

Kung kaya, kapag pinabayaan nila kayo at hindi na sila nakipaglaban sa inyo at nagpasailalim sila sa inyo bilang pagsuko, ay wala na kayong karapatan sa anumang kaparaanan para makipaglaban sa kanila.

91. Katiyakan, makikita ninyo ang ibang grupo ng mga mapagkunwari, na hinahangad lamang nila ay kasiguruhan sa kanilang mga sarili para sila ay ligtas mula sa inyo; at dahil sa ganoong kadahilanan ay ipinapakita nila sa inyo na kunwari sila ay naniniwala.

At ganoon ding kasiguruhan ang hinahangad nila sa kanilang mga sarili para sila ay ligtas mula sa kanilang mga kasamahang walang pananampalataya; na kung kaya, ipinapakita nila sa kanila ang kanilang pagtanggi sa katotohanan.

Sa tuwing sila ay ibinabalik sa lugar ng mga walang pananampalataya ay mas lalong tumitindi ang kanilang kasamaan.

At kapag hindi sila umatras (umurong) sa inyo, ni ayaw nilang mag-alok ng kapayapaan, ni ayaw nilang tumigil ng pakikipaglaban sa inyo; samakatuwid, kubkubin ninyo sila nang mahigpit at patayin ninyo sila saan man ninyo sila matagpuan; sapagka't umabot na sila sa sukdulan ng kanilang kasamaan, na nagpapakilala ng kanilang kaibahan sa iba. Kung kaya, sa ganitong usapin, ay gumawa Kami sa inyo ng malinaw na katibayan para sila ay inyong patayin o bihagin.


وَمَا كَانَ لِمُؤْمِنٍ أَن يَقْتُلَ مُؤْمِنًا إِلَّا خَطَـًٔا ۚ وَمَن قَتَلَ
مُؤْمِنًا خَطَـًٔا فَتَحْرِيرُ رَقَبَةٍ مُّؤْمِنَةٍ وَدِيَةٌ مُّسَلَّمَةٌ إِلَىٰٓ
أَهْلِهِۦٓ إِلَّآ أَن يَصَّدَّقُوا۟ ۚ فَإِن كَانَ مِن قَوْمٍ عَدُوٍّ لَّكُمْ
وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَتَحْرِيرُ رَقَبَةٍ مُّؤْمِنَةٍ ۖ وَإِن كَانَ
مِن قَوْمٍۭ بَيْنَكُمْ وَبَيْنَهُم مِّيثَـٰقٌ فَدِيَةٌ مُّسَلَّمَةٌ
إِلَىٰٓ أَهْلِهِۦ وَتَحْرِيرُ رَقَبَةٍ مُّؤْمِنَةٍ ۖ فَمَن لَّمْ يَجِدْ
فَصِيَامُ شَهْرَيْنِ مُتَتَابِعَيْنِ تَوْبَةً مِّنَ ٱللَّهِ ۗ وَكَانَ
ٱللَّهُ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿٩٢﴾ وَمَن يَقْتُلْ مُؤْمِنًا
مُّتَعَمِّدًا فَجَزَآؤُهُۥ جَهَنَّمُ خَـٰلِدًا فِيهَا وَغَضِبَ
ٱللَّهُ عَلَيْهِ وَلَعَنَهُۥ وَأَعَدَّ لَهُۥ عَذَابًا عَظِيمًا ﴿٩٣﴾ يَـٰٓأَيُّهَا
ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا ضَرَبْتُمْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ فَتَبَيَّنُوا۟ وَلَا تَقُولُوا۟
لِمَنْ أَلْقَىٰٓ إِلَيْكُمُ ٱلسَّلَـٰمَ لَسْتَ مُؤْمِنًا تَبْتَغُونَ
عَرَضَ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا فَعِندَ ٱللَّهِ مَغَانِمُ كَثِيرَةٌ ۚ
كَذَٰلِكَ كُنتُم مِّن قَبْلُ فَمَنَّ ٱللَّهُ عَلَيْكُمْ
فَتَبَيَّنُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرًا ﴿٩٤﴾

92. Walang karapatan ang sinumang nanampalataya na apihin o patayin ang kanyang kapatid na mananampalataya, maliban na lamang kung ito ay nangyari nang hindi sinasadya bilang pagkakamali.

At sa sinuman na nangyari sa kanya ang ganitong pagkakamali ay kinakailangang magpalaya siya ng babaing alipin na mananampalataya at magbigay ng kaukulang '*Diyah*' sa pamilya ng namatay, maliban na lamang kung kusang-loob nilang patatawarin ang nakapatay at hindi na ito sisingilin sa kanya.

Kapag ang napatay ay mula sa mga walang pananampalataya na kalaban ng mga mananampalataya, at siya na nakapatay ay kabilang sa mga naniniwala sa Allâh at naniniwala sa anumang ipinahayag na katotohanan ng Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ); nararapat sa kanya na magpalaya ng babaing alipin na mananampalataya.

At kapag ang napatay naman ay mula sa mga taong mayroon kayong ginawang kasunduan sa pagitan ninyo at nila (na ang kasunduang ito ay walang mangyayaring labanan), nararapat sa nakapatay na magbigay sa pamilya ng napatay ng kaukulang '*Diyah*' at magpalaya siya ng babaing alipin na mananampalataya. At sinuman ang walang kakayahan na magpalaya ng alipin ay nararapat sa kanya na mag-ayuno ng dalawang buwan, araw-araw na magkakasunod; nang sa gayon ay mapatawad siya ng Allâh (ﷻ).

At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Siyang Ganap na Nakaaalam ng katotohanan hinggil sa Kanyang mga alipin, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa pagtatakda ng Kanyang batas para sa kanila.

93. At sinuman ang pumatay nang sadya sa isang mananampalataya na wala siyang karapatan, ang kanyang kaparusahan ay Impiyernong-apoy, siya ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, kasama ang pagkamuhi ng Allâh (ﷻ) sa kanya at ang pagkakalayo mula sa awa ng Allâh (ﷻ). At inihanda ng Allâh (ﷻ) para sa kanya ang masidhing kaparusahan dahil sa kanyang ginawang matinding pagkakasala.

94. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Kapag kayo ay lumabas sa kalupaan upang makipaglaban sa Daan ng Allâh, tiyakin ninyo kung ano ang dapat ninyong gawin, kung ano ang dapat ninyong iwasan, at huwag ninyong huhusgahan ang sinumang walang pananampalataya na nagpapakita sa inyo ng Islâm at hindi nakipaglaban sa inyo. Sapagka't siya ay maaaring naniniwala sa Allâh subali't ito ay kanya lamang inililihim, at huwag ninyo itong gawin ng dahil sa paghahangad ng makamundong buhay, dahil sa Allâh (ﷻ) nagmumula ang kagandahang-loob at pagbibigay ng anumang bagay na magiging sapat para sa inyo.

At ganoon din naman kayo noong simula pa lamang ng inyong pagiging Muslim, inililihim din ninyo ang inyong mga paniniwala sa inyong mga kababayan na '*Mushrikin*.' At biniyayaan kayo ng Allâh (ﷻ), pinarangalan kayo ng Pananampalataya at pinagkalooban kayo ng lakas; na samakatuwid ay maging tiyak kayo sa inyong mga sarili at sa pag-aalam ninyo kung ano talaga ang nararapat para sa inyo.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakaaalam ng lahat ng inyong mga ginagawa, na '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakababatid sa lahat ng mga bagay hinggil sa inyo. At walang pag-aalinlangan, ayon dito kayo ay Kanyang tutumbasan.


لَّا يَسْتَوِي ٱلْقَٰعِدُونَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ غَيْرُ أُو۟لِى ٱلضَّرَرِ وَٱلْمُجَٰهِدُونَ
فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ بِأَمْوَٰلِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ ۚ فَضَّلَ ٱللَّهُ ٱلْمُجَٰهِدِينَ بِأَمْوَٰلِهِمْ
وَأَنفُسِهِمْ عَلَى ٱلْقَٰعِدِينَ دَرَجَةً ۚ وَكُلًّا وَعَدَ ٱللَّهُ ٱلْحُسْنَىٰ ۚ وَفَضَّلَ ٱللَّهُ
ٱلْمُجَٰهِدِينَ عَلَى ٱلْقَٰعِدِينَ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿٩٥﴾ دَرَجَٰتٍ مِّنْهُ وَمَغْفِرَةً
وَرَحْمَةً ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿٩٦﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ تَوَفَّىٰهُمُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ
ظَالِمِىٓ أَنفُسِهِمْ قَالُوا۟ فِيمَ كُنتُمْ ۖ قَالُوا۟ كُنَّا مُسْتَضْعَفِينَ فِى ٱلْأَرْضِ ۚ
قَالُوٓا۟ أَلَمْ تَكُنْ أَرْضُ ٱللَّهِ وَٰسِعَةً فَتُهَاجِرُوا۟ فِيهَا ۚ فَأُو۟لَٰٓئِكَ مَأْوَىٰهُمْ
جَهَنَّمُ ۖ وَسَآءَتْ مَصِيرًا ﴿٩٧﴾ إِلَّا ٱلْمُسْتَضْعَفِينَ مِنَ ٱلرِّجَالِ
وَٱلنِّسَآءِ وَٱلْوِلْدَٰنِ لَا يَسْتَطِيعُونَ حِيلَةً وَلَا يَهْتَدُونَ سَبِيلًا ﴿٩٨﴾
فَأُو۟لَٰٓئِكَ عَسَى ٱللَّهُ أَن يَعْفُوَ عَنْهُمْ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَفُوًّا غَفُورًا ﴿٩٩﴾
۞ وَمَن يُهَاجِرْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ يَجِدْ فِى ٱلْأَرْضِ مُرَٰغَمًا كَثِيرًا وَسَعَةً
وَمَن يَخْرُجْ مِنۢ بَيْتِهِۦ مُهَاجِرًا إِلَى ٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ثُمَّ يُدْرِكْهُ ٱلْمَوْتُ
فَقَدْ وَقَعَ أَجْرُهُۥ عَلَى ٱللَّهِ ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿١٠٠﴾ وَإِذَا ضَرَبْتُمْ
فِى ٱلْأَرْضِ فَلَيْسَ عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ أَن تَقْصُرُوا۟ مِنَ ٱلصَّلَوٰةِ إِنْ خِفْتُمْ
أَن يَفْتِنَكُمُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱلْكَٰفِرِينَ كَانُوا۟ لَكُمْ عَدُوًّا مُّبِينًا ﴿١٠١﴾

95. Hindi magkatulad ang mga mananampalataya na nanatili (lamang sa kanilang tahanan) at hindi sumama sa '*Jihâd*' sa Daan ng Allâh; at saka sa mga yaong nakipaglaban sa Daan ng Allâh sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan at ng kanilang mga sarili, maliban na lamang sa sinuman na may sapat na kadahilanan na tulad ng kapansanan.

Mas binukod-tangi ng Allâh (ﷻ) ang mga nakipaglaban sa Daan ng Allâh kaysa sa mga nanatili lamang sa kanilang mga tahanan; at iniangat ng Allâh (ﷻ) sa mataas na antas sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ang sinumang nakipag-'*Jihâd*' sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan at ng kanilang mga sarili, at ganoon din sa mga nanatili lamang sa kanilang mga tahanan na may sapat na kadahilanan. Ang bawa't isa sa kanila ay pinangakuan ng Allâh (ﷻ) ng '*Al-Jannah*' (Hardin) dahil sa kanilang ginasta at pagsasakripisyo sa Daan ng Katotohanan. Samakatuwid, mas binukod-tangi ng Allâh (ﷻ) ang mga '*Mujâhideen*' kaysa sa mga nanatili lamang sa kanilang mga tahanan, sa pagkakaloob ng dakilang gantimpala.

96. Ito ang dakilang gantimpala na mga matataas na antas sa '*Al-Jannât*' (mga Hardin), na nagmula sa Allâh (ﷻ) para lamang sa Kanyang mga alipin na nakipag-'*Jihâd*' sa Kanyang Daan; at pagpapatawad sa kanilang mga pagkakasala at pagkakaloob ng malawak na biyaya at awa; na roon (sa '*Al-Jannât*') ay paliligayahin sila nang lubus-lubusan.

At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisi at nanumbalik sa Kanya, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa sinumang sumunod na nakipag-'*Jihâd*' sa Kanyang Daan.

97. Katiyakan, ang mga yaong kinuha ng mga anghel ang kanilang mga kaluluwa (sa oras ng kanilang kamatayan); samantalang isinasagawa nila ang mga pagkakasala sa kanilang mga sarili, sa pamamagitan ng pagpapanatili nila sa lugar ng mga walang pananampalataya at hindi nangibang-bayan, sasabihin sa kanila ng mga anghel bilang pag-aalipusta sa kanila, "*Sa ano bang kondisyon ang inyong kinalalagyan at ano ang nagawa ninyo sa inyong* '*Deen?*'" Sasabihin nila: "*Kami ay mahihina at hinamak sa kalupaan*, *na hindi namin kayang ipagtanggol ang*

aming mga sarili sa mga nang-aapi sa amin at nanggigipit," Kung gayon, sasabihin sa kanila sa marahas na pagsagot: "*Hindi ba napakalawak ang kalupaan ng Allâh* (ﷻ) *para sa inyo upang kayo ay mangibang-bayan*, *nang sa gayon ay mapangalagaan ninyo ang inyong* '*Deen?*'" Ang mga katulad nila kung gayon, ang hahantong sa Impiyerno – anong napakasamang kalalagyan!

98. Maliban na lamang sa mga may sapat na kadahilanan, dahil sa sila ay mga mahihina na mga kalalakihan, mga kababaihan at mga musmos na mga bata, na hindi nila kayang ipagtanggol ang kanilang mga sarili mula sa mga pagmamalupit at pang-aapi, at wala silang alam na kaparaanan, para sila ay makaligtas mula sa paghihirap na kanilang dinaranas.

99. At silang mga mahihina ang may pag-asa na patatawarin ng Allâh (ﷻ), dahil Siya (Allâh ﷻ) ang Ganap na Nakaaalam ng buong katotohanan hinggil sa kanila, ang '`***Afouwan Ghafoura***' – Napakalawak ang Kanyang Pang-unawa na Ganap na Mapagpatawad.

100. Ang sinumang nangibang-bayan mula sa lugar ng '*Shirk*' patungo sa lugar ng '*Islâm*' para mailigtas niya ang kanyang '*Deen*;' na siya ay naghahangad ng kagandahang-loob sa kanyang '*Rabb*,' at nagtitiwala siya na maitataguyod ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang '*Deen*;' ay makatatagpo siya ng lugar sa kalupaan ng malilipatan at mapapamuhayan; na yaon ang magiging dahilan ng pagkakaroon niya ng lakas, at pagpapahamak sa kanyang mga kaaway; kalakip ang masaganang kabuhayan at maluwag na pamumuhay.

At sinuman ang aalis sa kanyang tahanan na naghahangad na itaguyod ang '*Deen*' ng Allâh at ng Kanyang Sugo; at para mangibabaw ang batas ng Allâh (ﷻ), at pagkatapos ay inabot siya ng kamatayan bago naisakatuparan ang kanyang minimithi; walang pag-aalinlangan, nakatala na ang para sa kanya na gantimpala ng Allâh (ﷻ) bilang kabutihan at kagandahang-loob mula sa Kanya. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Kanyang mga alipin.

101. At kapag kayo ay naglakbay sa kalupaan ng Allâh (ﷻ), O kayong mga mananampalataya, walang kasalanan sa inyo kapag pinaikli ninyo ang inyong mga '*Salâh*' kung kayo ay natatakot na makikipaglaban sa inyo ang mga walang pananampalataya habang isinasagawa ninyo ang inyong pagsa-'*Salâh*.'

At naging madalas ang panganib noon sa paglalakbay ng mga Muslim sa simula ng kanilang pagiging Muslim, na samakatuwid, ang pagpapaikli ng '*Salâh*' ay ipinahihintulot sa panahon ng paglalakbay, ligtas man ito o may panganib. Katiyakan, lantaran ang pakikipaglaban sa inyo ng mga walang pananampalataya, na kung kaya ay maging maingat kayo.

وَإِذَا كُنتَ فِيهِمْ فَأَقَمْتَ لَهُمُ الصَّلَوٰةَ فَلْتَقُمْ طَآئِفَةٌ
مِّنْهُم مَّعَكَ وَلْيَأْخُذُوٓا۟ أَسْلِحَتَهُمْ فَإِذَا سَجَدُوا۟ فَلْيَكُونُوا۟
مِن وَرَآئِكُمْ وَلْتَأْتِ طَآئِفَةٌ أُخْرَىٰ لَمْ يُصَلُّوا۟
فَلْيُصَلُّوا۟ مَعَكَ وَلْيَأْخُذُوا۟ حِذْرَهُمْ وَأَسْلِحَتَهُمْ ۗ وَدَّ ٱلَّذِينَ
كَفَرُوا۟ لَوْ تَغْفُلُونَ عَنْ أَسْلِحَتِكُمْ وَأَمْتِعَتِكُمْ فَيَمِيلُونَ
عَلَيْكُم مَّيْلَةً وَٰحِدَةً ۚ وَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ إِن كَانَ بِكُمْ
أَذًى مِّن مَّطَرٍ أَوْ كُنتُم مَّرْضَىٰٓ أَن تَضَعُوٓا۟ أَسْلِحَتَكُمْ ۖ
وَخُذُوا۟ حِذْرَكُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ أَعَدَّ لِلْكَٰفِرِينَ عَذَابًا مُّهِينًا ﴿١٠٢﴾
فَإِذَا قَضَيْتُمُ ٱلصَّلَوٰةَ فَٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ قِيَٰمًا وَقُعُودًا وَعَلَىٰ
جُنُوبِكُمْ ۚ فَإِذَا ٱطْمَأْنَنتُمْ فَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ ۚ إِنَّ ٱلصَّلَوٰةَ
كَانَتْ عَلَى ٱلْمُؤْمِنِينَ كِتَٰبًا مَّوْقُوتًا ﴿١٠٣﴾ وَلَا تَهِنُوا۟
فِى ٱبْتِغَآءِ ٱلْقَوْمِ ۖ إِن تَكُونُوا۟ تَأْلَمُونَ فَإِنَّهُمْ يَأْلَمُونَ كَمَا
تَأْلَمُونَ ۖ وَتَرْجُونَ مِنَ ٱللَّهِ مَا لَا يَرْجُونَ ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلِيمًا
حَكِيمًا ﴿١٠٤﴾ إِنَّآ أَنزَلْنَآ إِلَيْكَ ٱلْكِتَٰبَ بِٱلْحَقِّ لِتَحْكُمَ بَيْنَ
ٱلنَّاسِ بِمَآ أَرَىٰكَ ٱللَّهُ ۚ وَلَا تَكُن لِّلْخَآئِنِينَ خَصِيمًا ﴿١٠٥﴾

102. At kapag ikaw, O Muhammad (ﷺ), ay nasa lugar ng labanan na kasama nila at nais mo silang pamunuan sa '*Salâh*,' samakatuwid ay tatayo ang isang grupo mula sa kanila, na kasama ka sa pagsa-'*Salâh*' na hawak-hawak nila ang kanilang mga sandata. At kapag sila ay natapos nang magpatirapa sa unang '*rak`ah*,' habang ang pangalawang grupo na nasa kanilang likuran ay nakaharap sa kanilang kalaban, ay tatapusin naman ng unang grupo ang kanilang ikalawang '*rak`ah*' at sila ay magsa-'*Salâm*.'

Habang ikaw naman ay nakatayo (na nasa '*qiyâm*' na kaayusan) na hinihintay ang pagsama ng pangalawang grupo, samantalang natapos na ang unang grupo ay sasama naman ang pangalawang grupo na hindi pa nakapagsimula ng '*Salâh*' at susunod sa iyo para sa kanilang unang '*rak`ah*,' na ang isinasagawa mo kasama nila ay ang ikalawang '*rak`ah*,' pagkatapos ikaw ay magsa-'*Salâm*' at sila naman ay bubuuin nila nang sila-sila na lamang ang kanilang pangalawang '*rak`ah*,' at maging maingat sila sa kanilang mga kalaban at hawakan nilang maigi ang kanilang mga sandata.

Inaasam-asam ng mga tumanggi sa '*Deen*' ng Allâh na mapabayaan ang inyong sandata at mga dala-dalahan, nang sa gayon ay malusob nila kayo nang minsanan lamang at magapi nila kayo. At wala kayong kasalanan kung gayon, kung mayroong sagabal na katulad ng ulan o di kaya kayo ay mayroong karamdaman kung itatabi ninyo ang inyong mga sandata na may kasamang pag-iingat. Katiyakan, inihanda ng Allâh (ﷻ) para sa mga tumanggi sa Kanyang '*Deen*' ang parusang magpapahamak sa kanila at magpapahiya.

103. At kapag naisagawa na ninyo ang pagsa-'*Salâh*' ay ipagpatuloy ninyo ang pag-alaala sa Allâh (ﷻ) sa lahat ng pagkakataon – nakatayo man kayo, nakaupo o nakahiga; at kapag nawala na ang panganib ay isagawa na ninyo ang '*Salâh*' sa kabuuan nitong kaayusan at huwag ninyo itong ipagsawalang-bahala, dahil ito ang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang batas sa mga mananampalataya sa mga itinakdang oras.

104. Huwag kayong manghina sa pakikipaglaban sa inyong mga kalaban at pagtugis sa kanila, dahil kung kayo ay nakaranas ng kahirapan sa inyong pakikipaglaban; gayundin ang inyong mga kalaban, mas nakaranas sila nang higit na paghihirap kaysa sa inyo; magkagayunpaman ay hindi pa rin sila tumitigil sa pakikipaglaban sa inyo gayong kayo ang mas karapat-dapat na magsumigasig, dahil sa hinahangad ninyong gantimpala mula sa Allâh (ﷻ) at Kanyang pagtataguyod; samantalang sila ay wala ng mga ganitong paghahangad. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng nangyayari sa inyo, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang Pag-aatas at Pangangasiwa.

105. Katiyakan, ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Dakilang Qur'ân na ang nilalaman nito ay makatotohanan, upang ikaw ang magpaliwanag at maging hukom sa pagitan ng mga tao, sa pamamagitan ng mga ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa iyo at sa itinuro Niya; kung gayon ay huwag mong hayaan ang iyong sarili na maging kabilang sa mga yaong nagtaksil sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng paglihim nila sa mga katotohanan, at huwag kang sasang-ayon sa kanilang mga sinasabing labag sa katotohanan.

وَٱسْتَغْفِرِ ٱللَّهَ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿١٠٦﴾ وَلَا تُجَٰدِلْ
عَنِ ٱلَّذِينَ يَخْتَانُونَ أَنفُسَهُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ مَن كَانَ
خَوَّانًا أَثِيمًا ﴿١٠٧﴾ يَسْتَخْفُونَ مِنَ ٱلنَّاسِ وَلَا يَسْتَخْفُونَ
مِنَ ٱللَّهِ وَهُوَ مَعَهُمْ إِذْ يُبَيِّتُونَ مَا لَا يَرْضَىٰ مِنَ ٱلْقَوْلِ ۚ وَكَانَ
ٱللَّهُ بِمَا يَعْمَلُونَ مُحِيطًا ﴿١٠٨﴾ هَٰٓأَنتُمْ هَٰٓؤُلَآءِ جَٰدَلْتُمْ
عَنْهُمْ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا فَمَن يُجَٰدِلُ ٱللَّهَ عَنْهُمْ يَوْمَ
ٱلْقِيَٰمَةِ أَم مَّن يَكُونُ عَلَيْهِمْ وَكِيلًا ﴿١٠٩﴾ وَمَن يَعْمَلْ
سُوٓءًا أَوْ يَظْلِمْ نَفْسَهُۥ ثُمَّ يَسْتَغْفِرِ ٱللَّهَ يَجِدِ ٱللَّهَ غَفُورًا
رَّحِيمًا ﴿١١٠﴾ وَمَن يَكْسِبْ إِثْمًا فَإِنَّمَا يَكْسِبُهُۥ عَلَىٰ نَفْسِهِۦ ۚ
وَكَانَ ٱللَّهُ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿١١١﴾ وَمَن يَكْسِبْ خَطِيٓـَٔةً أَوْ إِثْمًا
ثُمَّ يَرْمِ بِهِۦ بَرِيٓـًٔا فَقَدِ ٱحْتَمَلَ بُهْتَٰنًا وَإِثْمًا مُّبِينًا ﴿١١٢﴾ وَلَوْلَا
فَضْلُ ٱللَّهِ عَلَيْكَ وَرَحْمَتُهُۥ لَهَمَّت طَّآئِفَةٌ مِّنْهُمْ أَن
يُضِلُّوكَ وَمَا يُضِلُّونَ إِلَّآ أَنفُسَهُمْ ۖ وَمَا يَضُرُّونَكَ مِن
شَىْءٍ ۚ وَأَنزَلَ ٱللَّهُ عَلَيْكَ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحِكْمَةَ وَعَلَّمَكَ
مَا لَمْ تَكُن تَعْلَمُ ۚ وَكَانَ فَضْلُ ٱللَّهِ عَلَيْكَ عَظِيمًا ﴿١١٣﴾

106. Hilingin mo sa lahat ng pagkakataon ang kapatawaran mula sa Allâh (ﷻ), dahil ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Siyang Ganap na Mapagpatawad sa sinumang naghahangad ng Kanyang kapatawaran at kagandahang-loob, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanya (na naghahangad ng kapatawaran).

107. At huwag kang makipagtalo sa mga yaong nagtaksil sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng paglabag nila sa kagustuhan ng Allâh. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi nagmamahal sa sinumang nakagawa ng matinding kataksilan at maraming pagkakasala.

108. Nagtatago sila sa mga tao dahil sa natatakot silang mabatid nila (ng mga tao) ang kanilang mga masasamang gawain, nguni't hindi sila natatakot at nahihiya sa Allâh (ﷻ); gayong kasama nila ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Kanyang kaalaman at pagmamasid sa kanila, habang isinasagawa nila ang mga pakana sa gabi, sa pamamagitan ng mga di-kanais-nais na salita, at ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Nakababatid sa lahat ng kanilang mga sinasabi at ginagawa, at walang anumang bagay ang naililihim sa Kanya na Kubkob na Kubkob sila.

109. Nariyan na naman kayo, O kayong mga mananampalataya, na nakikipagtalo hinggil sa kanila na nagtaksil sa kanilang mga sarili, rito sa buhay sa daigdig; subali't sino ang makikipagtalo sa Allâh (ﷻ) para sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay at Paghuhukom? Sino pa ba ang maaari nilang maging tagapagtanggol sa Araw ng Muling Pagkabuhay?

110. Sinuman ang gumawa ng kasamaan o di kaya ay dinaya niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa ng anumang labag sa Kautusan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang batas, subali't pagkatapos nito ay nanumbalik siya sa Allâh (ﷻ) at pinagsisihan niya ang kanyang mga nagawa, naghangad siya ng kapatawaran mula sa Kanya at paglihim sa kanyang pagkakasala, makakatagpo niya ang Allâh (ﷻ) na magpapatawad sa kanya at magmamahal sa kanya.

111. At sinumang sinadyang gawin ang kasalanan, ay ipinapahamak niya lamang ang kanyang sarili. At ang Allâh (ﷻ) ang '**`*Aleem***' – Siyang Ganap na Nakaaalam ng katotohanan hinggil sa Kanyang mga alipin, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa paghahatol sa Kanyang mga nilikha.

112. At sinuman ang nakagawa ng pagkakamali nang hindi sinasadya o di kaya ay nakagawa ng pagkakamali na kanyang sinadya, pagkatapos ay ibinintang niya ang kanyang nagawang pagkakasala sa taong walang kasalanan, katiyakan, pinatawan niya ang kanyang sarili ng kasinungalingan at malinaw na pagkakasala.

113. At kung hindi ka lamang biniyayaan ng Allâh (ﷻ), O Muhammad (ﷺ), at pinagkalooban ng awa sa pamamagitan ng iyong pagiging Propeta; at pinatnubayan ng Kanyang gabay sa pamamagitan ng pagbibigay ng kapahayagan sa iyo, ay maghahangad ang grupo ng mga nagtaksil sa kanilang mga sarili, na ilihis ka sa katotohanan; subali't wala silang inililigaw kundi ang kanilang mga sarili lamang.

At wala silang kakayahan upang ikaw ay kanilang ipahamak, dahil sa ikaw ay nasa pangangalaga ng Allâh (ﷻ). At ibinaba ng Allâh (ﷻ) sa iyo ang Dakilang Qur'ân at ang '*Sunnah*' bilang pagpapaliwanag nito. At ginabayan ka tungo sa kaalamang hindi mo alam noon. At ang pagtatangi sa iyo ng Allâh (ﷻ) bilang Kanyang kagandahang-loob ay isang napakadakilang bagay.



114. Walang kapakinabangang naidudulot sa karamihan ang mga pagbubulungan na pakikipag-usap ng mga tao sa isa't isa; maliban na lamang kung ang pakikipag-usap na ito ay mag-aakay sa tao tungo sa pagsasagawa ng kabutihan at pagkakawanggawa, o mababuting salita, o pagsasaayos sa pagitan ng mga tao. At ang sinuman ang magsasagawa ng mga bagay na yaon bilang paghahangad sa kaluguran ng Allâh (ﷻ), na umaasa sa Kanyang gantimpala; walang pag-aalinlangan na ipagkakaloob Namin sa kanya ang masagana at dakilang gantimpala.

115. At sinuman ang sumalungat sa Sugo ng Allâh, pagkatapos naipahayag sa kanya nang malinaw ang katotohanan at sumunod siya sa ibang landas kaysa sa landas ng mga mananampalataya at sa anumang nasa kanilang katotohanan, pababayaan Namin siya sa landas na kanyang tinahak at hindi Namin siya gagabayan sa kabutihan; at pagkatapos ay ipapasok Namin siya sa Impiyernong-Apoy at malalasap niya ang lagablab nito – anong napakasamang patutunguhan!

116. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi nagpapatawad sa sinumang nakagawa ng anumang '*Shirk*' – paglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh o pagsamba ng iba bukod sa Kanya; subali't pinatatawad Niya ang anumang kasalanan maliban sa ganitong uri ng kasalanan, sa sinumang Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin. At sinuman ang nakagawa ng pagtatambal sa pagsamba sa Allâh o sumamba ng iba bukod sa Allâh, mula sa Kanyang nilikha, ay walang pag-aalinlangang lumayo siya nang pagkalayu-layo mula sa katotohanan.

117. Walang sinasamba ang mga '*Mushrikûn*' bukod sa Allâh kundi mga rebulto na hindi nagdudulot ng kapakinabangan ni kapinsalaan man, at wala silang sinasamba kundi si '*Shaytân*' na naghimagsik sa pamamagitan ng kanyang paglabag sa kagustuhan ng Allâh at umabot sa sukdulan ang kanyang kasamaan.

118. Isinumpa siya – itinaboy at inilayo siya ng Allâh mula sa Kanyang awa, biyaya at kagandahang-loob; at sinabi ni '*Shaytân*,' "***Kukuha ako ng***

nakatakdang bahagi (*bilang o porsiyento*) ***mula sa Iyong mga alipin para sila ay iligaw sa salita at gawa***."

119. *At katiyakang ililigaw ko mula sa katotohanan ang sinumang susunod sa akin*, *at papangakuan ko sila ng mga pangakong kasinungalingan*, *at uutusan ko sila na putulin at hiwain ang mga tainga ng mga hayop*, *sapagka't pagagandahin ko sa kanilang paningin ang kamalian*; *at uutusan ko silang baguhin ang likas na nilikha ng Allâh at ang kaanyuan nito.*

At sinuman ang susunod kay '*Shaytân*,' at itituring siyang tagapagtaguyod at katulong kaysa sa Allâh (ﷻ) na Siyang Ganap na Makapangyarihan; ay walang pag-aalinlangang mapapahamak siya nang malinaw na malinaw na pagkapahamak.

120. Nangangako si '*Shaytân*' sa kanyang mga tagasunod ng pangakong kasinungalingan, at pinatitindi lamang ang kanilang mga maling pagnanasa; gayong walang ipinangako si '*Shaytân*' sa kanila kundi pawang kasinungalingan at panlilinlang na walang katibayan.

121. Ang kanilang patutunguhan ay Impiyernong-Apoy at wala silang matatagpuang anumang kaparaanan para sila ay makaligtas mula sa Impiyernong yaon.

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ سَنُدْخِلُهُمْ
جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۖ وَعْدَ
ٱللَّهِ حَقًّا ۚ وَمَنْ أَصْدَقُ مِنَ ٱللَّهِ قِيلًا ﴿١٢٢﴾ لَّيْسَ بِأَمَانِيِّكُمْ
وَلَآ أَمَانِىِّ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ ۗ مَن يَعْمَلْ سُوٓءًا يُجْزَ بِهِۦ
وَلَا يَجِدْ لَهُۥ مِن دُونِ ٱللَّهِ وَلِيًّا وَلَا نَصِيرًا ﴿١٢٣﴾ وَمَن
يَعْمَلْ مِنَ ٱلصَّٰلِحَٰتِ مِن ذَكَرٍ أَوْ أُنثَىٰ وَهُوَ مُؤْمِنٌ
فَأُو۟لَٰٓئِكَ يَدْخُلُونَ ٱلْجَنَّةَ وَلَا يُظْلَمُونَ نَقِيرًا ﴿١٢٤﴾ وَمَنْ
أَحْسَنُ دِينًا مِّمَّنْ أَسْلَمَ وَجْهَهُۥ لِلَّهِ وَهُوَ مُحْسِنٌ وَٱتَّبَعَ
مِلَّةَ إِبْرَٰهِيمَ حَنِيفًا ۗ وَٱتَّخَذَ ٱللَّهُ إِبْرَٰهِيمَ خَلِيلًا ﴿١٢٥﴾ وَلِلَّهِ مَا
فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ
مُّحِيطًا ﴿١٢٦﴾ وَيَسْتَفْتُونَكَ فِى ٱلنِّسَآءِ ۖ قُلِ ٱللَّهُ يُفْتِيكُمْ
فِيهِنَّ وَمَا يُتْلَىٰ عَلَيْكُمْ فِى ٱلْكِتَٰبِ فِى يَتَٰمَى ٱلنِّسَآءِ
ٱلَّٰتِى لَا تُؤْتُونَهُنَّ مَا كُتِبَ لَهُنَّ وَتَرْغَبُونَ أَن تَنكِحُوهُنَّ
وَٱلْمُسْتَضْعَفِينَ مِنَ ٱلْوِلْدَٰنِ وَأَن تَقُومُوا۟ لِلْيَتَٰمَىٰ
بِٱلْقِسْطِ ۚ وَمَا تَفْعَلُوا۟ مِنْ خَيْرٍ فَإِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِهِۦ عَلِيمًا ﴿١٢٧﴾

122. At ang mga yaong tapat na naniwala sa kanilang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sinamahan nila ito ng paggawa ng mga mababuting gawa; walang pag-aalinlangan, papa-pasukin Namin sila sa mga Hardin na may umaagos na mga ilog sa ilalim ng mga puno nito, at sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan.

At ito ang pangakong mula sa Allâh (ﷻ), na hindi sumisira sa Kanyang pangako; at walang sinuman ang higit na tumutupad sa Kanyang mga salita at pangako kaysa sa Allâh (ﷻ).

123. Hindi ipagkakaloob ang dakilang gantimpalang ito sa pamamagitan lamang ng paghahangad ninyo nito sa pangarap, O kayong mga Muslim; at ganoon din sa mga taong pinagkalooban ng Aklat na mga Hudyo at mga Kristiyano, na hindi rin nila ito makakamtam sa pamamagitan lamang ng pangarap; kundi ito ay ipagkakaloob sa pamamagitan ng tunay na paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagsasagawa ng mga mabuting gawa na kalugud-lugod sa Kanyang paningin.

At sinuman ang gagawa ng kasamaan, siya ay gagantihan ayon din sa kasamaang kanyang ginawa; at wala siyang makakatagpong sinuman bilang kanyang tagapagtaguyod at tagapangasiwa sa lahat ng kanyang mga pangangailangan bukod sa Allâh (ﷻ); at wala nang maaari pang tumulong at magligtas sa kanya mula sa masidhing kaparusahan.

124. At sinuman ang gagawa ng mga mababuting gawa, lalaki man o babae, na siya ay naniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa anumang ipinahayag na katotohanan, sila ay papapasukin ng Allâh (ﷻ) sa '*Al-Jannah*' na tahanan ng walang hanggang kaligayahan; at hindi sila dadayain at hindi mababawasan ang gantimpala ng kanilang mga gawain nang kahit na kasing liit ng '*Naqîr*' – isang marka o tuldok sa buto ng prutas ng datiles.

125. Walang sinupaman ang higit na mabuti sa kanyang '*Deen*' (o Relihiyon) kaysa sa kanya na isinuko ang buong katauhan sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi at Nag-iisa; at siya na gumagawa ng kabutihan na sumunod sa '*Deen*' ni Ibrâhim

(ﷺ) at sa kanyang batas; at lumayo sa lahat ng mga maling paniniwala at di-makatarungang batas.

At walang pag-aalinlangan, pinili ng Allâh (ﷻ) si Ibrâhim (ﷺ) at siya ay itinuring Niya bilang isang malapit na kaibigan sa lahat ng Kanyang nilikha. Ang '*Âyah*' o talatang ito ay nagpapatunay na Siya, ang Allâh (ﷻ) ay nagtataglay ng katangian na pagiging Malapit na Kaibigan, at ito ang pinakamataas na antas ng pagmamahal at pagtatangi.

126. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan, at ito ay Bukod-Tanging Siya lamang ang Nagmamay-ari. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakababatid sa lahat, at walang anumang bagay ang naililihim sa Kanya na mga pangyayari sa Kanyang nilikha.

127. Hinihiling ng mga tao sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na ipaliwanag mo sa kanila ang anumang hindi nila naiintindihan hinggil sa pamantayan at batas para sa mga kababaihan. Sabihin mo sa kanila: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ay Siyang magpapaliwanag sa inyo hinggil sa mga alituntunin para sa mga kababaihan*; *at sa anumang binibigkas sa inyo na nasa Aklat hinggil sa mga ulilang kababaihan*, *na hindi ninyo ibinibigay sa kanila ang karapat-dapat na* '*Mahr*' *na ipinag-utos ng Allâh* (ﷻ), *at sa mga mamanahin nila*, *at sa iba pang mga karapatan nila*; *gayong ninanais ninyo silang pakasalan*.

"*At ipinaliliwanag din ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo ang hinggil sa tamang pakikitungo sa mga mahihina at mga murang edad at pag-uutos sa pangangalaga at pangangasiwa ng mga ulila sa makatarungang pamamaraan*, *at pag-iwas sa pandaraya sa kanilang mga karapatan.*"

At anuman ang nagawa ninyong kabutihan, walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Aleem***' – Siyang Ganap na Nakaaalam hinggil dito; at wala anumang bagay ang naililihim sa Kanya hinggil dito at sa iba pa.

128. At kapag ang babae ay natatakot na siya ay aayawan ng kanyang asawa, o siya ay pagmamalupitan, o di kaya siya ay lalayuan; walang kasalanan sa kanilang dalawa kung sila ay mag-aayos sa paraang kaiga-igaya sa kanilang mga kalooban, hinggil sa karapatan niya na panahon o di kaya ay panustos, dahil ang pagsasaayos ay higit na nakabubuti. Sapagka't likas sa kalooban ng mga tao na minsan siya ay nadadala ng pagiging makasarili at pagma-maramot.

At kapag kayong mga kalalakihan ay naging mabuti sa pakikitungo ninyo sa inyong mga asawa at nagkaroon kayo ng takot sa Allâh (ﷻ) hinggil sa kanilang mga karapatan, walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakababatid sa anumang inyong mga ginagawa, ang anumang hinggil dito at sa iba pa; at walang anumang bagay ang naililihim sa Kanya; na kung kaya, kayo ay Kanyang tutumbasan ayon dito.

129. At kailanman ay hindi ninyo makakayanan, O kayong mga kalalakihan, na ipatupad ang ganap na pagkakapantay-pantay sa pagitan ng inyong mga asawa, hinggil sa pagmamahal at sa pagiging malapit nila sa inyong mga puso; at kahit ano pa ang inyong gawin na pagsusumigasig. Kung kaya, huwag ninyong pababayaan ang sinumang hindi masyadong malapit sa inyong puso mula sa inyong mga asawa, na mailalagay ninyo siya sa isang sitwasyong alanganin, na parang babaeng walang asawa gayong hindi naman siya hiniwalayan, dahil kapag ginawa ninyo ito ay magkakasala kayo.

At kapag naituwid ninyo ang inyong mga gawain, at naging makatarungan kayo sa pagbaha-bahagi ng mga panahon para sa inyong mga asawa, at nagkaroon kayo ng takot sa Allâh (ﷻ), at naging maingat kayo sa kanilang mga karapatan, walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ), Siya ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

130. At kapag nangyari ang paghihiwalay sa pagitan ng mag-asawa, walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang magkakaloob sa bawa't isa sa kanila mula sa Kanyang kagandahang-loob at masaganang biyaya; dahil ang Allâh (ﷻ) ang '***Wâsee***`' – Ganap at Napakalawak ang Kanyang awa, kagandahang-loob at biyaya, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa pagbabaha-bahagi sa Kanyang mga alipin.

131. At pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng nasa kalangitan at ang lahat ng nasa kalupaan at ang mga nasa pagitan nitong dalawa. At katiyakan, Aming iminungkahi sa mga taong pinagkalooban ng Aklat na mga Hudyo at mga Kristiyano, na nauna kaysa sa inyo; at gayundin sa inyo na mga tagasunod ni Muhammad (ﷺ), na matakot sa Allâh (ﷻ) at isagawa ang Kanyang mga ipinag-uutos at iwasan ang Kanyang mga ipinagbabawal.

At iminumungkahi rin Namin sa inyo na kapag kayo ay tumanggi sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang batas; katiyakang ang Allâh (ﷻ) ay hindi nangangailangan sa inyo; dahil pagmamay-ari Niya ang lahat ng mga nasa kalangitan at ang lahat ng nasa kalupaan. Ang Allâh (ﷻ), Siya ang '***Ghanee***' – Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan, na hindi Siya nangangailangan sa Kanyang mga nilikha ng kahit na anuman; na '***Hameed***' – Ganap na Kapuri-Puri na Siya lamang ang karapat-dapat ng lahat ng papuri na pinupuri sa Kanyang mga katangian at sa Kanyang mga gawa sa lahat ng pagkakataon.

132. At Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng nasa kalangitan at ang lahat ng nasa kalupaan; kung gayon, sapat na ang Allâh (ﷻ) bilang Tagapangasiwa, Tagapagtaguyod at Tagapangalaga sa Kanyang mga nilikha.

133. Kung nanaisin lamang ng Allâh (ﷻ) ay kaya Niya kayong puksain lahat, O kayong mga tao; at magpalitaw Siya ng panibago bukod sa inyo. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan na Siyang Higit na May Kakayahan hinggil sa bagay na ito.

134. At sinuman ang magnanais mula sa inyo, O kayong mga tao, ng gantimpala rito sa daigdig at ipagsasawalang-bahala niya ang gantimpala sa Kabilang-Buhay; samakatuwid, walang pag-aalinlangan, ang gantimpala ng makamundong buhay na ito at sa Kabilang-Buhay ay nasa Allâh (ﷻ) lamang. Kung kaya, hilingin ninyo mula sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi at Nag-iisa, ang kabutihan para sa inyo, rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, dahil Siya lamang ang Nagmamay-ari ng lahat ng ito.

At ang Allâh (ﷻ), Siya ang '***Samee***`' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakakarinig sa lahat ng mga sinasabi ng Kanyang mga alipin, na '***Baseer***' – Walang-Hanggan at Ganap na Nakakakita sa kanilang mga ginagawa at mga layunin na walang anuman ang naililihim sa Kanya, at ayon dito sila ay Kanyang tutumbasan.

135. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Panindigan ninyo ang katarungan at isagawa ninyo ang pagtestigo nang alang-alang sa Allâh (ﷻ), kahit na ito ay laban pa sa inyong mga sarili, o di kaya ay sa inyong mga magulang, o di kaya ay sa inyong mga kamag-anak, kahit na siya man ay mayaman o mahirap; dahil ang Allâh (ﷻ) ay Ganap na Tagapagtanggol para sa inyo kaysa sa kanila, at Ganap na Nakaaalam kung ano ang nakababuti sa kanilang pareho.

Kung gayon, huwag na huwag kayong padadala sa bugso ng inyong mga damdamin, at huwag kayong gagawa ng pagtatangi-tangi na magiging dahilan ng inyong pagiging di-makatarungan. At kapag binago ninyo ang salaysay sa pamamagitan ng inyong mga dila at hindi ninyo pinalitaw ang katotohanan, o di kaya ay iiwasan ninyo ang tumestigo, o di kaya ay ililihim na lamang ninyo, katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakaaalam sa lahat ng inyong mga ginagawa, at ayon dito kayo ay Kanyang tutumbasan.

136. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Manatili kayo sa inyong matapat na paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ), at sa pagsunod sa kanilang dalawa – sa Allâh (ﷻ) at kay Propeta Muhammad (ﷺ); at gayundin sa Kabanal-banalan na Qur'ân na Kanyang ipinahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ), at gayundin sa mga Aklat na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga naunang Sugo.

At sinuman ang tumanggi at hindi naniwala sa Allâh (ﷻ), sa mga kagalang-galang na mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat na Kanyang ipinahayag bilang gabay sa Kanyang nilikha, sa Kanyang mga Sugo na Kanyang pinili upang iparating ang Kanyang mensahe, at sa Kabilang Buhay na kung saan doon ay mababuhay na mag-uli ang lahat ng tao pagkatapos nilang mamatay upang iharap at hukuman; ay katiyakang lumabas siya sa '*Deen*' ng Allâh at naligaw siya nang pagkalayu-layo mula sa katotohanan.

137. Katiyakan, ang mga yaong pumasok sa tunay na pananampalataya, at pagkatapos ay nanumbalik sila sa pagiging '*Kufr*' (pagtanggi sa Allâh), at pagkatapos ay muli na naman silang naniwala at pagkatapos ay muli na naman silang nanumbalik sa pagiging '*Kufr*,' at nagpumilit sila pagkatapos nito sa pagtanggi at nagpatuloy sa maling paniniwala; hindi na sila maaari pang patawarin ng Allâh (ﷻ) at hindi na maaaring ituro pa sa kanila ang anumang daan tungo sa patnubay na siyang magliligtas sa kanila sa masama nilang patutunguhan.

138. Ipamalita mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga '*Munâfiqin*' – yaong mga mapagkunwari na ipinapakita nila na kunwari sila ay may paniniwala at itinatago nila sa kanilang mga kalooban ang pagtanggi – na ang para sa kanila ay masidhing kaparusahan.

139. Ang mga yaong nananalig sa mga walang pananampalataya at itinuturing sila bilang kaagapay at katulong, at iniiwasan nilang tumangkilik at makipagmahalan sa mga mananampalataya; naghahangad ba sila ng karangalan, kapangyarihan, tulong at lakas mula sa mga walang pananampalataya? Katotohanang wala namang kakayahan ang mga ito hinggil doon, na ang tunay na tulong, karangalan at kapangyarihan ay nagmumula lamang sa Allâh (ﷻ).

140. At inihayag sa inyo, O kayong mga mananampalataya, sa Aklat ng inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha; na kapag narinig ninyo sa usapan na nilabag at hinamak ang mga talata ng Allâh, ay huwag kayong makiumpok sa kanila na mga walang pananampalataya at mga mapang-alipusta; maliban na lamang kung babaguhin nila ang usapan na hindi nila ito ipatutungkol sa pagtanggi at paghamak sa mga talata ng Allâh.

Walang pag-aalinlangan, kapag kayo ay nakiumpok sa kanila sa gayong kalagayan ay magiging katulad nila kayo dahil sinang-ayunan ninyo ang kanilang mga salitang paglabag at paghamak; at ang pagsasang-ayon sa kasalanan ay katumbas din ng pagsasagawa nito.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay pagsasama-samahin Niya ang mga mapagkunwari at mga walang pananampalataya sa Impiyernong-Apoy; at doon ay malalasap nila ang masidhing kaparusahan.


الَّذِينَ يَتَرَبَّصُونَ بِكُمْ فَإِن كَانَ لَكُمْ فَتْحٌ مِّنَ اللَّهِ قَالُوا أَلَمْ
نَكُن مَّعَكُمْ وَإِن كَانَ لِلْكَافِرِينَ نَصِيبٌ قَالُوا أَلَمْ نَسْتَحْوِذْ
عَلَيْكُمْ وَنَمْنَعْكُم مِّنَ الْمُؤْمِنِينَ ۚ فَاللَّهُ يَحْكُمُ بَيْنَكُمْ يَوْمَ
الْقِيَامَةِ ۗ وَلَن يَجْعَلَ اللَّهُ لِلْكَافِرِينَ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ سَبِيلًا ﴿١٤١﴾
إِنَّ الْمُنَافِقِينَ يُخَادِعُونَ اللَّهَ وَهُوَ خَادِعُهُمْ وَإِذَا قَامُوا إِلَى
الصَّلَاةِ قَامُوا كُسَالَىٰ يُرَاءُونَ النَّاسَ وَلَا يَذْكُرُونَ اللَّهَ إِلَّا
قَلِيلًا ﴿١٤٢﴾ مُّذَبْذَبِينَ بَيْنَ ذَٰلِكَ لَا إِلَىٰ هَٰؤُلَاءِ وَلَا إِلَىٰ هَٰؤُلَاءِ ۚ
وَمَن يُضْلِلِ اللَّهُ فَلَن تَجِدَ لَهُ سَبِيلًا ﴿١٤٣﴾ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا
لَا تَتَّخِذُوا الْكَافِرِينَ أَوْلِيَاءَ مِن دُونِ الْمُؤْمِنِينَ ۚ أَتُرِيدُونَ
أَن تَجْعَلُوا لِلَّهِ عَلَيْكُمْ سُلْطَانًا مُّبِينًا ﴿١٤٤﴾ إِنَّ الْمُنَافِقِينَ
فِي الدَّرْكِ الْأَسْفَلِ مِنَ النَّارِ وَلَن تَجِدَ لَهُمْ نَصِيرًا ﴿١٤٥﴾
إِلَّا الَّذِينَ تَابُوا وَأَصْلَحُوا وَاعْتَصَمُوا بِاللَّهِ وَأَخْلَصُوا
دِينَهُمْ لِلَّهِ فَأُولَٰئِكَ مَعَ الْمُؤْمِنِينَ ۖ وَسَوْفَ يُؤْتِ اللَّهُ
الْمُؤْمِنِينَ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿١٤٦﴾ مَّا يَفْعَلُ اللَّهُ بِعَذَابِكُمْ
إِن شَكَرْتُمْ وَآمَنتُمْ ۚ وَكَانَ اللَّهُ شَاكِرًا عَلِيمًا ﴿١٤٧﴾

141. Ang mga mapagkunwari ay nagmamasid sa inyo, O mga mananampalataya! Hinggil sa mangyayari sa inyong mga kaguluhan at labanan; at kapag pinagkalooban kayo ng Allâh (ﷻ) ng biyaya at tinulungan Niya kayo laban sa inyong mga kalaban at nakakuha kayo ng mga '*Ghanîmah*;' sinasabi nila sa inyo: "*Hindi ba magkakasama tayo at kaagapay ninyo kami?*" Nguni't kapag ang pagkapanalo ay nasa panig ng mga walang pananampalataya, ang sasabihin naman nila sa kanila: "*Hindi ba tumulong kami sa inyo at pinangalagaan namin kayo laban sa mga mananampalataya*?"

Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang maghuhukom sa pagitan ninyo at nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay; at kailanman ay hindi pagkakalooban ng Allâh (ﷻ) ang mga walang pananampalataya ng kaparaanan para sila ay magwagi laban sa Kanyang mga mananampalatayang alipin; sapagka't ang magandang hantungan ay para lamang sa mga matatakutin sa Allâh (ﷻ), dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

142. Katiyakan, ang pamamaraan ng mga yaong mapagkunwari upang linlangin ang Allâh (ﷻ) sa kanilang panlabas na ipinapakitang sila ay totoong may paniniwala at paglihim sa kanilang kalooban ng pagtanggi; na iniisip nilang ito ay wala sa kaalaman ng Allâh (ﷻ); samakatuwid, hindi sila ang naglinlang sa Allâh (ﷻ) kundi sila ang nalinlang ng Allâh (ﷻ) bilang kabayaran ng kanilang ginawa.

At kapag silang mga mapagkunwari ay tumindig para magsagawa ng '*Salâh*,' tumitindig sila nang may katamaran, na ang kanilang hangarin ay para lamang makita at marinig ng mga tao; at hindi nila pinupuri at inaalaala ang Allâh (ﷻ) kundi kakaunti lamang.

143. Katiyakan, kabilang sa mga katangian ng mga mapagkunwari ay pagdududa, pag-aalinlangan at pagkalito; at hindi sila namamalagi sa iisang kalagayan, dahil hindi sila kabilang sa mga mananampalataya at hindi rin sila kabilang sa mga walang pananampalataya. Samakatuwid, sinuman ang inilayo ng Allâh (ﷻ) ang kanyang puso mula sa paniniwala, at sa pagsunod sa Kanyang gabay at patnubay;

kailanman ay hindi na siya makatatagpo pa ng daan tungo sa patnubay at katiyakan (kapanatagan).

144. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Huwag ninyong iturìng ang mga walang pananampalataya bilang inyong kaagapay, katu-katulong at pakamamahalin kaysa sa mga mananampalataya. Nais ba ninyong magkaroon ang Allâh (ﷻ) ng matibay na katibayan laban sa inyo, na kayo ay hindi totoo sa inyong paniniwala, dahil sa ginagawa ninyong pagmamahal sa inyong mga kalaban?

145. Katiyakan, ang mga mapagkunwari ay nasa kaila-ilaliman ng Impiyernong-Apoy sa Araw ng Muling Pagkabuhay; at kailanman ay hindi ka na makatatagpo pa, O Muhammad (ﷺ), ng tutulong sa kanila para sila ay iligtas mula sa napakasamang patutunguhang ito.

146. Maliban sa mga yaong nanumbalik sa Allâh (ﷻ) at nagsisi, at itinuwid nila ang kanilang mga sarili (sa panlabas at sa panloob) sa pamamagitan ng pagsunod sa Allâh (ﷻ) at ganap na pagtitiwala sa Kanyang mga aliping mananampalataya; at pagsunod sa '*Deen*' ng Allâh nang taos-puso na ito ay para lamang sa Kanya, kung gayon, sila ay mapapabilang sa mga mananampalataya, rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

At walang pag-aalinlangan, ipagka-kaloob ng Allâh (ﷻ) sa mga mananampalataya ang dakilang gantimpala.

147. Hindi gagawin ng Allâh (ﷻ) na kayo ay parusahan kapag itinuwid ninyo ang inyong mga gawain, at naniwala kayo sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo. At walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi nangangailangan kahit kaninuman, at ang pinaparusahan lamang Niya ay ang mga aliping nagkasala. At Siya ang '***Shâkir***' – Ganap na Tagapagtangkilik at Nagpapahalaga nang labis sa kabutihan ng Kanyang mga alipin dahil sa pagsunod nila sa Kanya, na Siya ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam ng lahat ng bagay.

148. Hindi nais ng Allâh (ﷻ) na maghayag ng masamang salita ang sinuman, magkagayunpaman ay pinahihintulutan ang inapi na banggitin ang masamang nagawa ng sinumang nang-api sa kanya, nang sa gayon ay maisiwalat ang pang-aaping ito na ginawa sa kanya.

At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Samee***`' – Ganap na Nakakarinig sa inyong mga hinaing, na '`***Aleem***' – Ganap na Nakababatid kung ano ang inyong inililihim.

149. Ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) ang pagpapatawad, at inihanda rin Niya ang mga mananampalataya para rito, na maaari nilang ilantad ang ginawang kabutihan sa kanila, o di kaya ay ilihim niya ito; at ganoon din sa gumawa ng kasamaan sa kanya, maaari rin niya itong ilantad sa makatarungang pamamaraan, o di kaya ay patawarin niya ito.

At ang pagpapatawad sa nagkasala ay mas nakahihigit at nakabubuti, dahil kabilang sa mga katangian ng Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap ang Kanyang pagpapatawad sa Kanyang mga alipin, gayong Siya ang '***Qadeer***' – Walang-Hanggan at Ganap na Makapangyarihan kaysa sa kanila.

150. Katiyakan, ang mga yaong tumanggi sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo mula sa mga Hudyo at mga Kristiyano, na sila ay gumawa ng pagtatangi sa pagitan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang mga Sugo sa pamamagitan ng kanilang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagpapasinungaling sa Kanyang mga Sugo na ipinadala sa Kanyang nilikha; o pag-amin nilang naniniwala sila sa iilang mga Sugo at tinatanggihan ang iba, at inaangkin nila na ang iba sa kanila (Sugo) ay nagsinungaling laban sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha; at ninanais nila itong gawin bilang daan tungo sa pagkaligaw na ginawa nilang pagbabago.

151. Sila ang nasa malinaw na paglabag, na walang pag-aalinlangan, ang inihanda Namin sa mga tumanggi sa paniniwala sa Allâh ay kaparusahan na magpapahamak at magpapahiya sa kanila.

152. At ang mga yaong naniwala sa Kaisahan ng Allâh, at naniwala sa pagiging Propeta ng lahat ng mga Sugo, at sila ay walang ginawang pagtatangi sa pagitan ng isa at ng iba mula sa kanilang lahat; at sinusunod nila ang batas ng Allâh (ﷻ) – sila ay walang pag-aalinlangang pagkakalooban ng gantimpala dahil sa kanilang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga Sugo. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Ghafour***'– Ganap na Mapagpatawad, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal.

153. Hinihiling ng mga Hudyo sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na magpakita ka ng himala na tulad ng himalang ginawa ni Mousã (عليه السلام) bilang patunay ng iyong pagiging totoo sa pamamagitan ng tuwirang paghahayag sa kanila ng kasulatan mula sa Allâh (ﷻ), na ang pagkakasulat ay katulad ng mga Lapidang ipinadala kay Mousã mula sa Allâh (ﷻ); na kung kaya, huwag kang magtaka, O Muhammad (ﷺ), dahil ganoon din ang ginawa ng mga ninuno nila kay Mousã (عليه السلام), humiling sila ng mas matindi pang kahilingan kaysa rito, hiniling nila kay Mousã na magpakita sa kanila ang Allâh (ﷻ) nang lantaran; na sa gayong kadahilanan ay sinanhi ng Allâh (ﷻ) na tamaan sila ng kidlat dahil sa kasamaan nila, na humihiling sila ng bagay na wala naman silang karapatan.

Pagkatapos ay binuhay silang mag-uli ng Allâh (ﷻ) matapos silang tamaan ng kidlat, at nakita nila ang mga malinaw na palatandaang dinala ni Mousã (عليه السلام) bilang katunayan sa kamalian ng paggawa ng '*Shirk*,' subali't sumamba pa rin sila sa inanyuang baka bukod sa Allâh; magkagayunpaman ay pinatawad pa rin Namin sila sa ginawa nilang maling pagsamba sa inanyuang baka dahil sa kanilang pagsisisi. At ipinagkaloob Namin kay Mousã ang dakilang katibayang nagpapatunay ng kanyang pagiging Propeta.

154. At itinaas Namin sa ibabaw ng kanilang mga ulunan ang bundok ng '*Tûr*' noong tumanggi silang ipatupad ang kanilang pangako, na sila ay nangakong tutuparin nila ang batas ng '*Tawrah*.'

At inutusan Namin sila na pumasok sa '*Baitul Maqdis*' (sa '*Falisteen*') na naka-'*sujud*' (na ang ibig sabihin ay nakayuko na may kasamang pagpapakumbaba), subali't sila ay pumasok nang patihaya na nakasadsad ang kanilang mga pigi, upang sila ay hindi makapag-'*sujud*;' at inutusan Namin silang huwag gawin ang pangingisda sa araw ng '*Sabbath*' subali't nilabag nila ito at sa halip ay nangisda pa rin sila; at nagkaroon Kami ng matibay na kasunduan sa kanila, subali't ito ay kanilang nilabag.



155. Kung kaya, isinumpa Namin sila dahil sa ginawa nilang pagsira sa kasunduan; at sa pagtanggi nila sa mga talata at mga palatandaan ng Allâh (ﷻ), na nagpapatunay sa pagiging totoo ng Kanyang mga Sugo; at dahil din sa ginawa nilang pagpatay sa mga Propeta nang di-makatarungan, at sa sukdulan nilang kasamaan, at sa pagsabi nila ng: "*Ang aming mga puso ay nakabalot*, *na kung kaya*, *hindi namin naiintindihan ang iyong mga sinasabi*;" – gayong sa katotohanan, isinara ito ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang pagtanggi, na kung kaya, hindi sila naniwala kundi kakaunti lamang na paniniwala na wala man lamang itong kapakinabangan.

156. At isinumpa rin Namin sila dahil sa kanilang pagtanggi at pag-aakusa kay Maryam (birheng Maria ﵇), na siya ay nakagawa (raw) ng pakikiapid gayong siya ay wala namang kasalanan.

157. At dahil sa kanilang sinasabi bilang pagmamayabang at pag-aalipusta: "*Katiyakan*, *napatay namin ang* '*Al-Masih*' (*ang Messiah*) *na si `Îsã* (*Hesus* ﵇) *na anak ni Maryam*," – gayong sa katotohanan ay hindi nila napatay si `Îsã (﵇) at mas lalong hindi nila ito naipako; bagkus ang naipako nila ay isang lalaki na kamukha niya dahil sa iniisip nilang ito ay si `Îsã (﵇).

At sinuman ang nag-angkin ng pagpatay sa kanya mula sa mga Hudyo at sa sinumang nagkanulo sa kanya mula sa mga Kristiyano, lahat sila ay nasa pagdududa at pag-aalinlangan at wala silang tiyak na kaalaman, kundi ang sinusunod lamang nila ay haka-haka at hindi sila nakatitiyak na siya ay napatay nga nila bagkus sila ay punung-puno ng pag-aalinlangan.

158. Gayong sa katotohanan ay iniangat ng Allâh (ﷻ) si ``Îsã (﵇) na buhay – mismo ang kanyang katawan at kaluluwa; at nilinis siya mula sa dungis nila na mga hindi naniwala. At ang Allâh (ﷻ), Siya ang '`***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punong-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang mga kaharian, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa at pagtatakda.

159. At walang pag-aalinlangan, walang sinumang matitira mula sa mga angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at mga Kristiyano) sa dulo ng panahon sa pagbabalik ni `Îsã (عليه السلام) nang hindi maniniwala sa kanya bago siya (`Îsã) mamatay; at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, si ` Îsã (عليه السلام) ay magiging testigo sa kasinungalingan ng sinumang di-naniwala sa kanya at sa paniniwala ng sinumang naniwala.

160. At dahil sa di-makatarungang nagawa ng mga Hudyo sa pamamagitan ng paggawa nila ng mga malalaking kasalanan ay ipinagbawal ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang ilan sa mga mababuting pagkain na dati'y ipinahintulot sa kanila; at dahil din sa pagpigil at pagharang nila sa kanilang mga sarili at sa iba, na magtungo mula sa matuwid na '*Deen*' o Relihiyon ng Allâh.

161. At dahil din sa paglustay nila ng kanilang mga kinita mula sa patubuan na ipinagbawal sa kanila, at sa pakikialam nila sa mga kayamanan ng tao na wala silang karapatan. Samakatuwid, inihanda Namin sa mga hindi naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo mula sa mga Hudyo, ang napakasidhing kaparusahan sa Kabilang-Buhay.

162. Subali't yaong mga maalam hinggil sa batas ng Allâh (ﷻ) mula sa mga Hudyo at yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo ay pinaniniwalaan nila ang anumang ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na Dakilang Qur'ân; at gayundin ang mga ipinahayag sa mga Sugo na nauna sa iyo na katulad ng '*Tawrah*' at '*Injeel*,' at isinasagawa nila ang pagsa-'*Salâh*' sa tamang oras, at ibinibigay nila ang mga '*Zakâh*' (obligadong kawanggawa) ng kanilang mga kayamanan; at naniwala sila sa Allâh (ﷻ) at sa Araw ng Muling Pagkabuhay at Paghuhukom; walang pag-aalinlangan, sila ay pagkakalooban ng Allâh (ﷻ) ng dakilang gantimpala, na ito ay '*Al-Jannah*' (Hardin).



163. Katiyakan, nagpahayag Kami sa iyo, O Muhammad (ﷺ), para maiparating mo ang mensahe, na katulad ng ginawa Naming pagkaka-pahayag kay Nûh (عليه السلام) at sa mga Propetang sumunod pagkatapos niya, nagpahayag din Kami kina Ibrâhim (عليه السلام), Ismâ`il (عليه السلام), Ishâq (عليه السلام), Ya`qûb (عليه السلام) at saka sa mga '*Al-Asbât*' – na sila ang mga Propeta na ipinadala sa mga angkan ni Isrâ`îl na labindalawa mula sa pamilya ni Ya`qûb (عليه السلام). At ganoon din kina `Îsã (عليه السلام), Ayyûb (عليه السلام), Yunus (عليه السلام), Hâroun (عليه السلام), Sulaymân (عليه السلام). At kay Dâwood (عليه السلام) ipinagkaloob Namin ang '*Zabour*' – na ito ay Aklat at '*Suhuf*' na nakatala.

164. At nagpadala Kami ng mga Sugo na ikinuwento Namin sa iyo sa Dakilang Qur'ân bago ang pagkakapahayag ng talatang ito, at ang mga Sugo na hindi na Namin ikinuwento sa iyo dahil sa kaalaman na Kami lamang ang Nakababatid.

At nakipag-usap ang Allâh (ﷻ) kay Mousã (عليه السلام) nang tuwirang pakikipag-usap, na ang ganitong katangian ay bilang parangal sa kanya. Dito sa talatang ito, nagpapatunay na ang katangian ng Allâh (ﷻ) na pakikipag-usap ay karapat-dapat o naaangkop lamang sa Kanyang Kamaharlikaan at Kadakilaan; at walang pag-aalinlangan na ang Allâh (ﷻ) ay nakipag-usap nang tuwiran kay Mousã – isang tunay na pakikipag-usap na walang namagitan.

165. Ipinadala Ko ang mga Sugo sa Aking mga nilikha, na may dala-dalang magagandang balita hinggil sa Aking gantimpala at tagapagbigay ng babala hinggil sa Aking kaparusahan; nang sa gayon ay hindi magkaroon ang mga tao ng katwiran sa harapan ng Allâh (ﷻ), na kanilang idadahilan pagkatapos ipinadala ang mga Sugo.

At ang Allâh (ﷻ) ang '***`Azeez***' – Kataas-Taasan at Punong-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang mga Kaharian, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa.

166. Kapag tumanggi sa iyo ang mga Hudyo at ang iba pa, O Muhammad (ﷺ); walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay tumitestigo sa iyo na ikaw ay Kanyang

Sugo, na binigyan ng kapahayagan, na ito ay ang Dakilang Qur'ân na Kanyang ipinahayag mula sa Kanyang kaalaman; at ganoon din ang mga anghel, tumitestigo rin sila na ang ipinahayag sa iyo ng Allâh (ﷻ) ay totoo. Samakatuwid, sapat na ang Allâh (ﷻ) bilang testigo.

167. Katiyakan, ang mga yaong tumanggi at hindi naniwala sa iyong pagiging Propeta; at hinaharangan nila ang mga tao sa Islâm, katiyakan, lumayo sila nang matinding pagkakalayo sa Daan ng Katotohanan.

168. Katiyakan, ang mga yaong tumanggi at hindi naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at sukdulan ang kanilang kasamaan sa pamamagitan ng patuloy nilang pagtanggi; hindi na maaaring sila ay patawarin ng Allâh (ﷻ) sa kanilang mga kasalanan, at hindi na rin itututuro sa kanila ang Daan para sila ay makaligtas.

169. Maliban sa daan patungo sa Impiyerno, na sila ay mananatili roon magpasawalang hanggan; at ito ay napakadali para sa Allâh (ﷻ) at walang anumang bagay ang makapipigil sa Kanya.

170. O kayong mga tao! Katiyakan, dumating sa inyo ang Aming Sugo na si Muhammad (ﷺ) na dala-dala ang Islâm na '*Deen*' ng Katotohanan mula sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha; na samakatuwid, ay maniwala kayo sa kanya at sumunod, dahil ang paniniwala sa kanya ay higit na makabubuti para sa inyo.

At kapag kayo ay nagpumilit sa pagtanggi, katiyakang ang Allâh (ﷻ) ay hindi nangangailangan sa inyo at sa inyong paniniwala, dahil Siya ang Nagmamay-ari ng lahat ng nasa mga kalangitan at nasa kalupaan. At ang Allâh (ﷻ), Siya ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa inyong mga sinasabi at mga ginagawa, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa pagtatala ng Kanyang mga batas at pag-aatas.

Kung ang mga kalangitan at kalupaan ay walang pag-aalinlangang nagpapasailalim sa Allâh (ﷻ) bilang nilikha at itinakdang magpasailalim na katulad ng lahat ng Kanyang Pagmamay-ari, samakatuwid karapat-dapat sa inyo, O kayong mga tao, at ito ay katiyakang makatarungan para sa inyo kapag ito ay inyong ginawa, na kayo ay maniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugong si Muhammad (ﷺ), at gayundin sa Dakilang Qur'ân na ipinahayag sa kanya. At kapag kayo ay sumunod sa Kautusan bilang batas, ay nangangahulugan lamang na ang pagsunod ninyo ay pagsasabuo sa kahulugan ng pagpapasailalim ng lahat ng nilikha ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang kagustuhan.

Ang talatang ito ang katibayan sa pagiging pangkahalatang mensahe ng Propeta ng Allâh at Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ).



171. O kayong mga pinagkalooban ng '*Injeel!*' Huwag kayong magmalabis sa inyong relihiyon, at huwag kayong magsabi ng anumang bagay hinggil sa Allâh (ﷻ) kundi pawang katotohanan lamang, at huwag kayong magturing para sa Kanya ng asawa at anak.

Walang pag-aalinlangan, si **Al-Masih `Îsã Ibnu Maryam** (ang Messiah Hesus (عليه السلام) na anak ni Maria) ay hindi hihigit kaysa sa pagiging Sugo ng Allâh, na Kanyang ipinadala bilang katotohanan; at siya ay nilikha Niya sa pamamagitan ng Salita[34] na Kanyang ipinadala kay Jibril (عليه السلام) patungo kay Maryam (عليها السلام), na ito ay Kanyang pagsasabi:

'*Kun*' – maging (maganap), '*Fakâna*' – at ito ay naging (kaagad na naganap); at ang paghingang ito ni Jibril sa Espiritu ng Allâh[35] kay Maryam ay bilang Kautusan ng Allâh na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

[34]Naitala ni Ibn Abi Hatim na sinabi ni Ahmed bin Sinan Al-Wasiti na narinig niya si Shadh bin Yahya na nagsabi hinggil sa pahayag ng Allâh (ﷻ) na: "***At Kanyang Salita***, ***na Kanyang ipinagkaloob kay Maryam at isang Espiritu na*** (***Kanyang nilikha o***) ***mula sa Kanya***;" na ang paliwanag hinggil dito, na si `Îsã (Hesus (عليه السلام)) ay hindi mismo ang salita, kundi dahil sa salita o pag-aatas na '***kun fayakun***,' siya ay naging si `Îsã (عليه السلام). (***Tafseer Ibn Katir***, ***Tomo*** (*Volume*) ***3***, ***pahina 58***)

[35]Ang ganitong katawagan na '***Espiritu ng Allâh***' (***Ruhullâh***) ay pagpaparangal ng Allâh sa bagay na yaon na Kanyang nabanggit, at hindi ito mismo ang Allâh o kabahagi Niya na tulad ng maling pag-angkin ng mga Kristiyano. Ang ibig sabihin nito ay '***Espiritu na pagmamay-ari o nilikha ng Allâh*** (ﷻ),' na tulad halimbawa ng salitang '***Baytullâh***' (ang Tahanan ng Allâh, na ito ay yaong nasa Makkah), hindi ibig sabihin nito na dahil sa ang Makkah ay tinawag na Tahanan ng Allâh, ay nandoon na mismo ang Allâh. Hindi! Kundi bilang pagpaparangal sa bagay na yaon, na ang ibig sabihin ay '***Tahanan ng pagsamba sa Allâh***.' Na tulad halimbawa ng pahayag na: "***Ito ay babaing-kamelyo ng Allâh na ipinagkaloob kay Propeta Saleh*** (عليه السلام)," na ang ibig sabihin nito, ito ay babaing-kamelyo na nilikha ng Allâh o pagmamay-ari Niya, o isang palatandaan mula sa Kanya. Na samakatuwid, ang mga ganitong katawagan ay nangangahulugan ng pagpaparangal ng Allâh sa mga bagay na yaon, kung ito ay ipinatutungkol sa Kanya sa mga ganitong kaparaanan. (***Tafseer Ibn Kathir***, ***Tomo*** (*Volume*) ***3***, ***pahina 59***)

Kung gayon, maniwala kayo na ang Allâh (ﷻ) ay Bukod-Tangi at Nag-iisa, at isuko ninyo ang inyong mga sarili sa Kanya, at paniwalaan ninyo ang Kanyang mga Sugo sa kanilang mensahe na dinala mula sa Allâh (ﷻ), at huwag ninyong sabihing '*Tatlo*,' na iturin si `Îsã (Hesus عليه السلام) at ang kanyang ina bilang katambal ng Allâh na sinasamba. Itigil na ninyo ang mga ganitong salita dahil ito ang higit na makababuti para sa inyo. Walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay Bukod-Tangi at Nag-iisa lamang bilang '*Ilâh*' (Diyos na karapat-dapat sambahin). Ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan ay Pagmamay-ari Niya.

Samakatuwid, paanong mangyayari na magmumula sa mga ito ang Kanyang asawa o anak? Sapat na ang Allâh (ﷻ) bilang pinagkakatiwalaan sa Kanyang pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha, at sa pagkakaloob sa kanila ng mga kabuhayan; kung gayon, sa Kanya lamang ninyo ipaubaya ang inyong mga sarili at Siya ay sapat na sa inyo.

172. Kailanman, hindi magmamataas at hindi tatanggihan ng '*Al-Masih*' (ang Messiah عليه السلام) na siya ay maging alipin ng Allâh; at ganoon din, hindi rin magmamataas ang mga malalapit na anghel sa Allâh (ﷻ), sa pag-amin ng kanilang pagiging alipin ng Allâh.

Samakatuwid, ang sinumang tumanggi at magmataas; walang pag-aalinlangan, titipunin silang lahat tungo sa Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay at Siya ang maghuhukom sa kanila ng Kanyang makatarungang paghuhukom, at tutumbasan ang bawa't isa ayon sa karapat-dapat na para sa kanya.

173. Subali't ang mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) ng tunay na paniniwala sa pamamagitan ng salita at sa gawa, at sumunod sa Kanyang batas, walang pag-aalinlangan, ipagkakaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang gantimpala sa kanilang mga gawain at sila ay pagkakalooban pa ng karagdagan mula sa Kanyang kagandahang-loob. Subali't ang mga yaong tumanggi sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at nagmataas, walang pag-aalinlangan, sila ay paparusahan nang matinding pagpaparusa; at wala silang matatagpuang tagapangalaga na magliligtas sa kanila mula sa kaparusahan, at bukod sa Allâh (ﷻ) ay hindi na sila makatatagpo ng sinumang makatutulong sa kanila.

174. O kayong mga tao! Katiyakan, dumating sa inyo ang kapani-paniwalang katibayan mula sa Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na ito ay ang Sugong si Muhammad (ﷺ); at sa anuman na kanyang dinalang mga kapaliwanagan at mga matitibay na katibayan, at ang pinakadakila rito ay ang Kabanal-banalan na Qur'ân na siyang tumitestigo sa pagiging totoo ng kanyang pagiging Propeta at ang kanyang mensahe ang pinakahuli; at ipinahayag Namin sa inyo ang Dakilang Qur'ân bilang gabay at malinaw na liwanag.

175. At ang mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) ng tunay na paniniwala, sa pamamagitan ng salita at sa gawa at pinanghahawakan nila ang liwanag na siyang ipinahayag sa kanila, walang pag-aalinlangan, sila ay papapasukin ng Allâh (ﷻ) sa *'Al-Jannah'* (Hardin) bilang awa at kagandahang-loob na mula sa Allâh (ﷻ); at gagabayan sila tungo sa Matuwid na Landas na siyang magdadala sa kanila tungo sa malalawak na mga Hardin at mga parang (ilog).

176. Tinatanong ka nila, O Muhammad (ﷺ), hinggil sa batas ng pagmamana ng isang taong namatay na walang tagapagmanang anak at magulang. Sabihin mo sa kanila, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang magpapaliwanag sa inyo ng batas hinggil dito: At kapag namatay ang isang tao, na siya ay walang anak at wala siyang naiwang magulang subali't mayroon siyang kapatid na babae sa kanyang ama at ina, o di kaya ay sa kanyang ama lamang; ang para sa kapatid na ito ay kalahati ng kanyang maiiwang mana; subali't kapag babae naman ang namatay, ang mamanahin ng kanyang kapatid na lalaki sa ama at ina, o di kaya ay sa ama lamang, ay ang lahat ng kanyang maiiwan kapag siya ay namatay na wala siyang anak at wala siyang magulang na naiwan. At kung may kapatid na dalawang babae ang sinumang namatay na lalaki, na walang anak at magulang, ang mamanahin nilang dalawa mula sa kanyang naiwan ay dalawang-ikatlong bahagi (2/3). At kapag ang mga tagapagmana ay marami na mga kalalakihan at kababaihan na magkakapatid, ang mamanahin ng mga kalalakihan ay katumbas ng mamanahin ng dalawang babae mula sa kanyang mga kapatid na kababaihan. Sa ganito, ipinapahayag ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang paghahati-hati ng mga mamanahin at ang batas hinggil sa namatay na walang anak at magulang, nang sa gayon ay hindi kayo maligaw mula sa katotohanan hinggil sa pagmamana. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakaaalam sa mga idudulot ng mga pangyayari at kung ano ang nakabubuti sa Kanyang mga alipin.

سورة المائدة 5

V – Sûrat Al-Mâ`idah

[**Kabanata Al-Mâ`idah –** Ang Hapag-Kainan na may mga Nakalatag na mga Pagkain mula sa Kalangitan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. O kayo na naniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), at naniwala sa Kanyang Sugo at sinunod ang kanyang '*Sunnah!*' Isagawa ninyo ang inyong matitibay na pangako sa Allâh (ﷻ) na paniniwala sa mga batas ng Islâm at sa pagsunod nito; at tuparin ninyo ang inyong mga pinagkasunduan sa isa't isa bilang mga ipinagkatiwala at ganoon din sa pakikipagkalakalan at sa iba pa, na hindi lumalabag sa Aklat ng Allâh at sa '*Sunnah*' ng Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ).

Katiyakan, ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang mga kawan ng hayop na katulad ng kamelyo, baka, kambing at tupa; maliban na lamang sa ipinahayag Niya sa inyo na Kanyang ipinagbabawal na tulad ng '*Al-Maytah*' – namatay sa hindi tamang pamamaraan ng pagkatay, dugo at iba pa. At ang pagbabawal ng pangangaso habang kayo ay nakasuot ng '*Ihrâm*.'

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay nagtatala ng batas na Kanyang ninanais ayon sa Kanyang Karunungan at pagiging Makatarungan.

2. O kayo na naniwala sa Allâh, sa Kanyang Sugo at sumunod sa Kanyang batas! Huwag kayong lumabag sa hangganan ng batas ng Allâh (ﷻ) at sa mga palatandaan nito; at huwag ninyong ipahintulot ang patayan sa mga Sagradong Buwan, na ito ay mga buwan ng '*Dhul Qa`dah*,' '*Dhul Hijjah*,' '*Muharram*' at '*Rajab*;' na ito ay noong umpisa ng Islâm (sa kapanahunan ng Huling Sugo).

At huwag ninyong pakikialaman ang mga hayop na gagamitin sa pagsasakripisyo sa '*Hajj*;' ganoon din ang mga hayop na sinabitan ng kuwintas sa leeg na gawa sa lana (o '*wool*') at iba pa bilang tanda na ang hayop na yaon ay isasakripisyo at ang taong nagmamay-ari nito ay nagnanais magsagawa ng '*Hajj*;' at huwag din ninyong pahintulutan ang inyong mga sarili na makipaglaban sa mga nagnanais magtungo sa '*Al-Masjid Al-Harâm*' sa Makkah, na ang kanilang hangarin ay kabutihan mula sa kagandahang-loob ng Allâh (ﷻ), na makababuti sa kanilang buhay at kalugud-lugod sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

At kapag natapos na ninyo ang inyong '*Ihrâm*;' samakatuwid, ipinahihintulot na sa inyo ang pangangaso. At huwag kayong magpadala sa inyong galit, sa mga tao na minsan ay pinigilan nila kayo na magtungo sa '*Al-Masjid Al-Harâm*' sa Makkah, na katulad ng nangyari noon sa taon ng '*Hudaybiyyah*,' dahil baka kayo ay hindi maging makatarungan sa kanila.

Magtulungan kayo, O kayong mga mananampalataya sa isa't isa, sa pagsasagawa ng kabutihan at pagkatakot sa Allâh (ﷻ); at huwag kayong magtulungan sa anumang bagay na kasalanan at paglabag sa batas ng Allâh (ﷻ); at ingatan ninyong lumabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) dahil walang pag-aalinlangan, masidhi ang Kanyang pagpaparusa.

3. Ipinagbawal ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang pagkain ng '*Maytah*' – na ito ay hayop na namatay na hindi nakatay sa tamang pamamaraan, at ipinagbawal din sa inyo na kainin ang dugong pinatulo mula sa kinatay na hayop; at gayundin ang laman ng baboy, at ang anumang kinatay bilang pag-aalay sa iba bukod sa Allâh; at gayundin sa mga hayop na binigti hanggang sa ito ay namatay, at saka sa mga yaong pinatay sa pamamagitan ng pagpukpok o pagpalo; o di kaya'y paghampas nito sa bato hanggang sa ito ay namatay; gayundin sa mga hayop na nahulog mula sa mataas na lugar, o di kaya'y nahulog sa balon at namatay; at gayundin sa hayop na napatay ng kapuwa nito hayop sa pamamagitan ng pagsuwag o sungay nito; at ipinagbawal din ng Allâh (ﷻ) sa inyo yaong mga hayop na nilaplap o kinain ng mababangis na hayop na tulad ng leon, tigre, lobo ('*wolf*') at iba pa na mga katulad nito; maliban na lamang kung inabot ninyo itong buhay pa at nakatay ninyo sa tamang pamamaraan bago ito namatay, dahil ang ganitong paraan ay ipinahintulot sa inyo; at ipinagbawal din sa inyo ang '*An-Nusub*' – na ito ay ang anumang kinatay na hayop nang hindi sa Pangalan ng Allâh kundi para sa itinayong altar na sambahan na katulad ng bato at iba pa, bilang pag-aalay sa mga diyus-diyusan o sa anumang sinasamba na mga huwad na diyos.

At ipinagbawal din sa inyo na magpasiya sa pamamagitan ng paggamit ng '*Azlâm*' – na ito ay isang pamahiin na isinasagawa para raw malaman ng isang tao kung ano ang makabubuti at makasasama para sa kanya bago siya magpasiya na gawin ang anuman.[36]

[36]Naging pamahiin ng mga Arabo noon na bago sila magpasiya ng isang bagay, na tulad halimbawa ng paglalakbay – na kung ito ba ay isasagawa nila o hindi; ay ginagamitan muna nila ito ng '*Azlâm*.' Na isinusulat nila sa mga pana ang iba't ibang desisyon na gagawin nila, at pagkatapos ay dadamputin nila ang isa sa mga ito, at kung ano ang nakasulat sa nadampot niyang pana ay yaon ang kanyang gagawing pasiya. At iba naman ang pamamaraan na '*Azlâm*' na isinasagawa ng mga Persiyano at mga Romano noon, ginagamitan nila ito ng mga '*dice*' na tulad ng mga ginagamit sa pagsusugal.

Ito ang mga nabanggit na ipinagbawal, na kapag ito ay nagawa ng isang tao; walang pag-aalinlangan na siya ay nakagawa ng paglabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at nakagawa siya ng kasalanan.

Sa araw na ito ay natapos na ang pag-aasam ng mga walang pananampalataya laban sa inyong '*Deen*;' na kayo ay pababalikin nila sa '*Shirk*' – pagtatambal sa pagsamba sa Allâh o pagsamba ng iba bukod sa Allâh, pagkatapos ninyong magwagi laban sa kanila; na kung gayon ay huwag kayong matakot sa kanila bagkus ay Ako ang inyong katakutan.

Sa araw na ito ay kinumpleto Ko nang ganap para sa inyo, ang inyong '*Deen*,' na ito ay '*Deen Al-Islâm*,' sa pamamagitan ng pagkapanalo ninyo sa inyong mga kalaban at pagsasabuo ng batas nito, binuo Ko sa inyo ang Aking biyaya sa pamamagitan ng pag-aalis ninyo sa kadiliman ng kamangmangan patungo sa liwanag ng pananampalataya; at pinili Ko para sa inyo ang Islâm bilang inyong '*Deen*;' na kung kaya, manatili kayo rito at huwag ninyo itong tatalikuran.

Nguni't ang sinumang napilitan lamang na gawin ito dahil sa matinding kagutuman na ikasasanhi ng matinding kapahamakan o kamatayan at siya ay nakakain ng '*Maytah*' o anupamang ipinagbawal na wala sa kanyang intensiyon ang magkasala; sa ganitong kadahilanan ay maaari niya itong gawin. At katiyakan na ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa kanya, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal.

4. Tinatanong ka, O Muhammad (ﷺ) ng iyong mga '*Sahâbah*,' kung ano ang ipinahihintulot sa kanila na kainin? Sabihin mo sa kanila: "*Ipinahintulot sa inyo ang lahat ng mga malilinis* ('*Tayyibât*'); *at ang mga nahuli ng mga sinanay ninyong mga hayop na tulad ng aso*, *leopardo at saka mga agila*; *at iba pa na mga katulad nito na turuan*, *na itinuro ninyo sa mga ito ang paraan ng pangangaso na itinuro ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*; *na kung kaya*, *kainin ninyo kung anuman ang nahuli ng mga ito para sa inyo nguni't banggitin ninyo ang Pangalan ng Allâh* (ﷻ) *kapag ito ay inyong inutusan na mangaso. Katakutan ninyo ang Allâh* (ﷻ) *sa anumang ipinag-utos at ipinagbawal Niya sa inyo. Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Saree`***' *– Ganap at Napakabilis Niyang Tumuos.*"

5. Kabilang sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) sa inyo ngayon, O kayong mga mananampalataya, ay ipinahintulot Niya sa inyo ang lahat ng mga malilinis. At saka yaong mga kinatay ng mga Hudyo at mga Kristiyano, na ito ay ipinahintulot sa inyo kapag ito ay kinatay nila ayon sa kanilang batas. Ipinahintulot din sa inyo, O kayong mga mananampalataya, ang mag-asawa ng mga matutuwid na kababaihan na sila ay mga malalaya, na mga mananampalataya na ligtas at malayo mula sa anumang kahalayan.

At ipinahintulot din sa inyo na mag-asawa ng mga malalayang kababaihan, na ligtas at malayo sa anumang kahalayan, mula sa mga Hudyo at mga Kristiyano,

kapag ibinigay ninyo sa kanila ang kanilang '*Mahr*;' at kayo naman sa isang banda ay matutuwid din na malayo sa anumang kahalayan, na hindi gumagawa ng pakikiapid at hindi nakikipag-relasyon sa mga kababaihan (o nakikipag-'*girlfriend*'); at kung nakatitiyak kayo na hindi kayo maapektuhan ng kanilang pananampalataya. At sinumang lumabag sa mga batas ng Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangan na nasira niya ang kanyang gawain; at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, siya ay mapapabilang sa mga talunan.

6. O kayong mga naniwala! Kapag kayo ay nagnanais na magsagawa ng '*Salâh*' (pagdarasal) at wala kayo sa kalagayan ng '*Tahharah*' (kalinisan), hugasan ninyo ang inyong mga mukha, at ang inyong mga kamay hanggang siko, at pahiran ninyo ng tubig ang inyong ulunan, at hugasan ang inyong mga paa hanggang bukung-bukong.

At kapag nangyari sa inyo ang malaking '*Hadath*'[37] ay maglinis kayo sa pamamagitan ng pagpapaligo ng buong katawan ('*Ghusl*') bago ninyo isagawa ang '*Salâh.*' At kung kayo ay maysakit o di kaya'y nasa paglalakbay at nasa kalusugan naman kayo, o di kaya'y nagbawas kayo (na ang ibig sabihin ay umihi o dumumi kayo), o di kaya ay nakipagtalik kayo sa inyong asawa; at pagkatapos ay wala kayong makitang tubig, samakatuwid sa ganitong kadahilanan ay magsagawa kayo ng '*Tayammum*' bilang panghalili – ang malumanay na paghahampas o pagdadampi ng inyong mga palad sa lupa at pagkatapos ay ipapahid sa inyong mga mukha at mga kamay.

Walang hangarin ang Allâh (ﷻ) na kayo ay Kanyang higpitan sa Kanyang pag-aatas sa paglilinis; bagkus ay ipinahintulot Niya sa inyo ang pagsasagawa ng '*Tayammum*,' upang kayo ay luwagan at bilang awa na rin sa inyo; dahil ito ay ginawa Niya bilang panghalili sa tubig sa paglilinis. At ang pagpapahintulot ng '*Tayammum*' ay mula sa kabuuan ng Kanyang biyaya, nang sa gayon ay tumanaw kayo ng utang na loob sa Kanya na nagbiyaya sa inyo, sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.

7. At alalahanin ninyo ang biyaya ng Allâh (ﷻ) sa inyo sa pamamagitan ng pagtala Niya ng Kanyang batas para sa inyo; at alalahanin din ninyo ang pangako

[37] '*Hadath Akbar*' – malaking pangyayari na naganap, na kakailanganin ang pagsasagawa ng '*ghusl*' o pagpapaligo ng buong katawan, na tulad halimbawa ng paglabas ng semilya na sanhi ng pagtatalik, '*wet dreams*' at iba pa; ang pagkakaroon ng buwanang dalaw (o regla) ng mga kababaihan o pagdurugo na sanhi ng panganganak.

ninyo sa Kanya, na kayo ay maniniwala sa Kanya at sa Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ); at kayo ay makikinig at susunod sa kanilang dalawa – sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo.

Katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa anuman na Kanyang mga ipinag-utos at mga ipinagbawal. Katiyakan na ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam ng anuman na inyong inililihim sa inyong mga sarili.

8. O kayong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugong si Muhammad (ﷺ)! Maging matatag kayo sa pagpapatupad ng katotohanan bilang paghahangad ninyo sa Mukha ng Allâh (ﷻ), sa pamamagitan ng pagtestigo nang makatarungan at huwag hayaang ang galit at poot ng mga tao ang siyang magiging sanhi para kayo ay hindi maging makatarungan.

Na kung kaya, maging makatarungan kayo sa pagitan ng inyong mga mahal sa buhay at sa mga kalaban, na kayo ay maging patas sa paghahatol; dahil ang pagiging makatarungan o patas sa paghahatol ay mas malapit sa pagkatakot sa Allâh (ﷻ). At ingatan ninyo na kayo ay makagawa ng pang-aapi. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Khabeer***’ – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya ang lahat ng inyong mga ginagawa at kayo ay Kanyang tutumbasan.

9. At ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa mga yaong naniwala sa Kanya, sa Kanyang Sugo, at gumawa ng mga kabutihan; na sila ay Kanyang patatawarin sa kanilang mga kasalanan, at gagantimpalaan ng ‘*Al-Jannah*’ (Hardin). At ang Allâh (ﷻ) ay hindi sumisira sa Kanyang pangako.

وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَكَذَّبُوا۟ بِـَٔايَـٰتِنَآ أُو۟لَـٰٓئِكَ أَصْحَـٰبُ ٱلْجَحِيمِ ﴿١٠﴾ يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱذْكُرُوا۟ نِعْمَتَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ هَمَّ قَوْمٌ أَن يَبْسُطُوٓا۟ إِلَيْكُمْ أَيْدِيَهُمْ فَكَفَّ أَيْدِيَهُمْ عَنكُمْ ۖ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ وَعَلَى ٱللَّهِ فَلْيَتَوَكَّلِ ٱلْمُؤْمِنُونَ ﴿١١﴾ ۞ وَلَقَدْ أَخَذَ ٱللَّهُ مِيثَـٰقَ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ۖ وَبَعَثْنَا مِنْهُمُ ٱثْنَىْ عَشَرَ نَقِيبًا ۖ وَقَالَ ٱللَّهُ إِنِّى مَعَكُمْ ۖ لَئِنْ أَقَمْتُمُ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتَيْتُمُ ٱلزَّكَوٰةَ وَءَامَنتُم بِرُسُلِى وَعَزَّرْتُمُوهُمْ وَأَقْرَضْتُمُ ٱللَّهَ قَرْضًا حَسَنًا لَّأُكَفِّرَنَّ عَنكُمْ سَيِّـَٔاتِكُمْ وَلَأُدْخِلَنَّكُمْ جَنَّـٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَـٰرُ ۚ فَمَن كَفَرَ بَعْدَ ذَٰلِكَ مِنكُمْ فَقَدْ ضَلَّ سَوَآءَ ٱلسَّبِيلِ ﴿١٢﴾ فَبِمَا نَقْضِهِم مِّيثَـٰقَهُمْ لَعَنَّـٰهُمْ وَجَعَلْنَا قُلُوبَهُمْ قَـٰسِيَةً ۖ يُحَرِّفُونَ ٱلْكَلِمَ عَن مَّوَاضِعِهِۦ ۙ وَنَسُوا۟ حَظًّا مِّمَّا ذُكِّرُوا۟ بِهِۦ ۚ وَلَا تَزَالُ تَطَّلِعُ عَلَىٰ خَآئِنَةٍ مِّنْهُمْ إِلَّا قَلِيلًا مِّنْهُمْ ۖ فَٱعْفُ عَنْهُمْ وَٱصْفَحْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٣﴾

10. At ang mga yaong hindi naniwala at tumanggi sa Kaisahan ng Allâh na nagpapatunay bilang malinaw na katotohanan; at pinasinungalingan ang mga talata na dinala ng mga Sugo, sila ang maninirahan sa Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan.

11. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Alalahanin ninyo ang biyaya ng Allâh (ﷻ) sa inyo na kapayapaan at sa pagtatanim Niya ng takot sa mga puso ng inyong kalaban, na ninanais nila kayong lusubin na may pagmamalupit, subali't inilayo sila ng Allâh (ﷻ) sa inyo at hinarangan ng Allâh (ﷻ) ang pagitan nila at pagitan ninyo para hindi nila maisagawa ang kanilang mga balakin.

Na kung kaya, katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) at maging maingat kayo; at sa Allâh (ﷻ) lamang ninyo ipaubaya ang inyong mga sarili sa larangan ng inyong '*Deen*' at sa makamundong buhay; at sa Kanya lamang kayo magtiwala sa tulong at pagtaguyod.

12. At katiyakan, gumawa ang Allâh (ﷻ) ng matibay na kasunduan noon sa mga angkan ni Isrâ`îl na Siya lamang ang kanilang sasambahin; at inutusan ng Allâh (ﷻ) si Mousã (عليه السلام) na pumili ng labindalawang pinuno, na kasingdami ng bilang ng grupo ng kanilang mga angkan; na sila ay gagawa ng pangako sa kanilang mga sarili, na makikinig sila, susunod sa Allâh (ﷻ), sa Kanyang Sugo at sa Kanyang Aklat.

At sinabi ng Allâh (ﷻ) sa mga angkan ni Isrâ`îl na: "*Ako ay kasama ninyo sa pamamagitan ng Aking pangangalaga at tulong*; *kapag nagsagawa kayo ng* '*Salâh*,' *at nagbigay kayo ng* '*Zakâh*' (*obligadong kawanggawa*) *sa mga may karapatan nito*; *at pinaniwalaan ninyo ang Aking mga Sugo sa anuman na kanilang ipinahayag*, *at ikarangal ninyo sila at tinulungan*, *at gumasta kayo nang alang-alang sa Aking Daan*; *na samakatuwid*, *kapag isinagawa ninyo ang mga ito ay patatawarin Ko kayo sa inyong mga kasalanan*; *at papapasukin Ko kayo sa* '*Jannât*' (*mga Hardin*) *na may umaagos na mga ilog sa ilalim ng mga palasyo.*

"*Nguni't sinuman ang lalabag sa kasunduang ito mula sa inyo ay lumihis siya sa Daan ng Katotohanan at nagtungo sa pagkaligaw*."

13. At dahil sa paglabag ng mga Hudyo sa kanilang matibay na pangako ay ipinagtabuyan Namin sila at isinumpa; at ginawa Namin ang kanilang mga puso na matitigas at hindi na lalambot pa sa pamamagitan ng pananampalataya.

Pinalitan nila ang mga salita ng Allâh (ﷻ), na inihayag Niya kay Mousã (عليه السلام) na '*Tawrah*;' at tinalikuran nila ang anumang mga paalaala na ibinigay sa kanila at hindi nila ito isinagawa.

At patuloy mong matatagpuan sa mga Hudyo, O Muhammad (ﷺ), ang pagiging traydor nila at pagiging hindi matapat; sapagka't patuloy silang sumusunod sa pag-uugali ng kanilang mga ninuno, maliban na lamang sa mangilan-ngilan sa kanila; na kung kaya, patawarin mo sila sa masamang pakikitungo nila sa iyo at palampasin mo na lamang ang mga nagawa nila.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay minamahal Niya ang mga '*Al-Muhsinin*' – gumagawa ng mga kabutihan na nagpapatawad sa mga kasalanang nagawa sa kanya at pinalalampas (o pinagbibigyan) niya ang mga masamang nagawa sa kanya.

At sa ganito nakikita ang mga ligaw na pamamaraan tungo sa mga masama nilang layunin, para baguhin ang mga salita ng Allâh (ﷻ) at bigyan ito ng ibang pakahulugan. At kapag hindi nila nakayanang baguhin at bigyan ng ibang pakahulugan, nilalabag nila ang anumang hindi sumasang-ayon sa kanilang kagustuhan mula sa batas ng Allâh (ﷻ); at walang nananatili sa pagsunod sa batas ng Allâh (ﷻ) kundi ang mangilan-ngilan lamang na pinangalagaan ng Allâh (ﷻ) mula sa kanila.



14. At gumawa rin kami ng kasunduan sa kanila na tinatawag nila ang kanilang mga sarili na Kristiyano, na sila ay nag-aangkin na tagasunod ni `Îsã Al-Masih (Hesus ang Messiah (عليه السلام)) – samantalang hindi naman sila ganoon, – gumawa Kami sa kanila ng tunay na kasunduan na katulad ng ginawa Namin sa mga angkan ni Isrâ`îl, na sundin nila ang Sugo na ipinadala sa kanila, makipag-tulungan sila sa kanya, at itaguyod siya; subali't pinalitan nila ang kanilang Relihiyon at tinalikuran nila ang anumang ipinaaalaala sa kanila na mga katuruan at hindi nila ito isinagawa; na katulad din ng ginawang pagtanggi at pagba-balewala ng mga Hudyo, at dahil doon ay itinanim Namin sa pagitan nila ang paglalaban-laban at pagkapoot sa isa't isa hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay; at walang pag-aalinlangan, ihahayag ng Allâh (ﷻ) ang anuman na kanilang ginawa sa Araw ng Paghuhukom, at sila ay paparusahan ayon dito.

15. O kayo na mga angkan ng Kasulatan, na mga Hudyo at mga Kristiyano! Katiyakan na dumating sa inyo ang Aming Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ); na lilinawin sa inyo ang karamihan na inyong inilihim sa mga tao mula sa '*Tawrah*' at '*Injeel*;' subali't ang iba (mula sa kanilang mga inilihim) ay pinabayaan na lamang na hindi na inilantad dahil sa hindi na kailangan pa batay sa karunungan ng Allâh (ﷻ).

Katiyakan, dumating sa inyo mula sa Allâh (ﷻ) ang isang liwanag at malinaw na Aklat, na ito ay ang Dakilang Qur'ân.

16. Ginagabayan ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng malinaw na Aklat na ito, ang sinumang sumunod sa Kanyang kagustuhan tungo sa Daan ng Kaligtasan at kapayapaan; at dahil sa Kanyang kagustuhan, sila ay inialis mula sa kadiliman ng pagtanggi at di-paniniwala tungo sa liwanag ng paniniwala; at sila ay ginabayan Niya sa Kanyang Matuwid na Relihiyon.

17. Katiyakan, tumanggi at hindi mananampalataya ang mga Kristiyanong nagsasabi; na ang Allâh (ﷻ) ay si '*Al-Masih Ibnu Maryam*.' Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga Kristiyano na hindi inabot ng tunay na kaalaman: "*Kung si Al-Masih ay* '*ilâh*' (*diyos na sinasamba*)[38] *na katulad ng kanilang pag-aangkin*, *samakatuwid ay kaya niyang pigilin ang anumang pinagpasiyahan ng Allâh* (ﷻ) *na kamatayan kapag ito ay dumating sa kanya*, *gayundin sa kanyang ina at sa lahat ng mga tao sa daigdig*, *subali't walang pag-aalinlangan*, *namatay na ang kanyang ina at hindi man lamang niya napigilan ang kamatayang dumating sa kanyang ina*; *at gayundin*, *na kapag dumating sa kanya ang kamatayan ay hindi rin niya ito mapipigilan*; *dahil silang dalawa ay mga alipin lamang na kabilang sa mga alipin ng Allâh*, *na walang kakayahan na ilayo ang kanilang mga sarili sa kamatayan*; *at ito ang katibayan na siya ay tao*[39] *na katulad din ng mga anak ni Âdam.*"

Sabihin mo, O Muhammad, sa kanila na mga Kristiyano: "*Sino kung gayon ang magkakaroon ng kahit na katiting na kapangyarihan laban sa Allâh* (ﷻ) *kapag winasak Niya ang Messiah na anak ni Maryam* (*na si Hesus*), *ang kanyang ina at ang lahat ng mga yaong nasa kalupaan nang magkakasabay?*"

At Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng mga nilikha sa mga kalangitan at ang mga nasa kalupaan, nililikha Niya ang anuman na Kanyang nais, at Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay.

Na kung gayon, ang tunay na paniniwala sa nag-iisang Tagapaglikha ay pagpapatunay na ang Allâh (ﷻ) ang Nag-iisa at Namumukod-Tangi sa lahat ng Kanyang katangian bilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at '*Ilâh*' – Diyos na sinasamba o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin; at sa bagay na ito ay wala Siyang katambal na sinuman mula sa Kanyang nilikha.

At karamihan sa mga nangyayaring '*Shirk*' (pagtatambal o pagsamba ng iba) at pagkaligaw ng mga tao, ay dahil sa kanilang labis na paggalang sa mga Propeta at mga taong mababuti; na katulad ng ginawa ng mga Kristiyano kay `Îsã (Hesus عليه السلام).

---

[38]Iminumungkahi na mangyari lamang ay tingnan ang karagdagang pagpapatibay, sa **Juan 17:3**, "*At ito ang buhay na walang hanggan na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay*, *at si Jesu-Cristo na iyong sinugo*;" **Juan 20:17**, "*Sinabi ni Jesus*, *…*'*Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama*, *sa aking Diyos at inyong Diyos*.'"

[39]Iminumungkahi na mangyari lamang ay tingnan ang karagdagang pagpapatibay, sa **Hoseas 11:9**, "*…sapagkat ako'y Diyos*, *at hindi tao…*;" **I Mga Hari 8:27**, "*Ngunit totoo bang maninirahan ang Diyos sa lupa? Sa langit at sa pinakamataas na langit ay hindi Ka magkakasiya*; *gaano pa sa bahay na ito na aking itinayo!*;" **Mga Bilang 23:19**, "*Ang Dios ay hindi tao…ni anak ng tao…*;" **Mga Gawa 2:22**, "*Kayong mga Israelita*, *pakinggan ninyo ang mga salitang ito*: *Si Jesus na taga-Nazaret*, *isang lalaking pinatunayan ng Diyos sa inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan*, *mga kababalaghan at mga tanda na ginawa ng Diyos sa pamamagitan niya sa gitna ninyo*, *gaya ng nalalaman ninyo*."

At dahil sa ang buong sanlibutan ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) at ang paglikha ay bukod-tangi na para lamang sa Kanya; na kung kaya, ang anumang lumilitaw na mga himala at mga palatandaan ay nagmula sa Allâh (ﷻ), sapagka't nilikha at ginagawa Niya ang anuman na Kanyang ninanais, at Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat.


وَقَالَتِ ٱلْيَهُودُ وَٱلنَّصَٰرَىٰ نَحْنُ أَبْنَٰٓؤُا۟ ٱللَّهِ وَأَحِبَّٰٓؤُهُۥ ۚ قُلْ
فَلِمَ يُعَذِّبُكُم بِذُنُوبِكُم ۖ بَلْ أَنتُم بَشَرٌ مِّمَّنْ خَلَقَ ۚ يَغْفِرُ لِمَن
يَشَآءُ وَيُعَذِّبُ مَن يَشَآءُ ۚ وَلِلَّهِ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ
وَمَا بَيْنَهُمَا ۖ وَإِلَيْهِ ٱلْمَصِيرُ ﴿١٨﴾ يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ قَدْ جَآءَكُمْ
رَسُولُنَا يُبَيِّنُ لَكُمْ عَلَىٰ فَتْرَةٍ مِّنَ ٱلرُّسُلِ أَن تَقُولُوا۟ مَا جَآءَنَا
مِنۢ بَشِيرٍ وَلَا نَذِيرٍ ۖ فَقَدْ جَآءَكُم بَشِيرٌ وَنَذِيرٌ ۗ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ
شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٩﴾ وَإِذْ قَالَ مُوسَىٰ لِقَوْمِهِۦ يَٰقَوْمِ ٱذْكُرُوا۟
نِعْمَةَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ جَعَلَ فِيكُمْ أَنۢبِيَآءَ وَجَعَلَكُم مُّلُوكًا
وَءَاتَىٰكُم مَّا لَمْ يُؤْتِ أَحَدًا مِّنَ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٢٠﴾ يَٰقَوْمِ ٱدْخُلُوا۟
ٱلْأَرْضَ ٱلْمُقَدَّسَةَ ٱلَّتِى كَتَبَ ٱللَّهُ لَكُمْ وَلَا تَرْتَدُّوا۟ عَلَىٰٓ أَدْبَٰرِكُمْ
فَتَنقَلِبُوا۟ خَٰسِرِينَ ﴿٢١﴾ قَالُوا۟ يَٰمُوسَىٰٓ إِنَّ فِيهَا قَوْمًا جَبَّارِينَ
وَإِنَّا لَن نَّدْخُلَهَا حَتَّىٰ يَخْرُجُوا۟ مِنْهَا ۖ فَإِن يَخْرُجُوا۟ مِنْهَا
فَإِنَّا دَٰخِلُونَ ﴿٢٢﴾ قَالَ رَجُلَانِ مِنَ ٱلَّذِينَ يَخَافُونَ
أَنْعَمَ ٱللَّهُ عَلَيْهِمَا ٱدْخُلُوا۟ عَلَيْهِمُ ٱلْبَابَ فَإِذَا دَخَلْتُمُوهُ
فَإِنَّكُمْ غَٰلِبُونَ ۚ وَعَلَى ٱللَّهِ فَتَوَكَّلُوٓا۟ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٢٣﴾

18. Inangkin ng mga Hudyo at mga Kristiyano, na sila ay mga anak ng Allâh at Kanyang mga minamahal; sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Kung gayon, bakit kayo paparusahan ng Allâh* (ﷻ) *sa inyong mga kasalanan? At kung kayo nga ay Kanyang mga minamahal ay hindi Niya kayo paparusahan, bagkus ang Allâh* (ﷻ) *ay hindi Siya nagmamahal maliban sa sinumang sumunod lamang sa Kanya.*" At sabihin mo sa kanila: "*Hindi kayo mga anak ng Allâh at hindi rin kayo ang mga minamahal Niya! Kundi kayo ay mga nilikha lamang na katulad din ng sinumang nagmula sa mga angkan ni Âdam*."

Kapag kayo ay nakagawa ng kabutihan, ang igaganti sa inyong pagiging mabuti ay kabutihan din (magandang gantimpala), at kapag kayo naman ay nakagawa ng kasamaan ang igaganti rin sa inyo ay kasamaan; subali't pinatatawad Niya at pinaparusahan ang sinuman na Kanyang nais.

At Siya ang Nagmamay-ari ng lahat ng kaharian sa mga kalangitan, at sa kalupaan at sa anuman na nasa pagitan ng mga ito; at sa Kanya magbabalik ang lahat. At maghuhukom sa pagitan ng Kanyang mga alipin, at tutumbasan Niya ang bawa't isa ng anumang karapat-dapat na para sa kanya.

19. O kayo na mga Hudyo at mga Kristiyano! Katiyakan na dumating sa inyo ang Aming Sugong si Muhammad (ﷺ), upang linawin sa inyo ang katotohanan at gabay, pagkatapos ng pansamantalang pagkakatigil sa ipinadalang magkakasunod na mga Sugo – na ito ay pagitan niya (Muhammad ﷺ) at ni `Îsã (Hesus عليه السلام); nang sa gayon ay hindi ninyo ikakatwiran na hindi dumating sa amin ang tagapagdala ng magandang balita at tagapagbabala, wala kayong ikakatwiran pagkatapos siyang naipadala sa inyo; at katiyakan na dumating sa inyo mula sa Allâh (ﷻ) ang Sugong nagbibigay ng magandang balita sa sinumang naniwala sa Kanya at nagbibigay (din) ng babala sa sinumang lumabag sa Kanya.

At ang Allâh (ﷻ) ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay, na kaya Niyang parusahan ang sinumang lumabag, at gantimpalaan ang sinumang sumunod.

20. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong sinabi ni Mousã (Moises عليه السلام) sa kanyang sambayanan: "*O kayong mga angkan ni Isrâ`îl! Alalahanin ninyo ang kagandahang-loob sa inyo ng Allâh* (ﷻ), *noong Siya ay nagpadala mula sa inyo ng mga Propeta at ginawa Niya kayong mga hari*, *na nangangasiwa sa inyo pagkatapos ng pagiging alipin ninyo kay Fir`âwn at sa kanyang mga tauhan*, *at katiyakan na pinagkalooban Niya kayo ng iba't ibang biyaya na hindi ipinagkaloob kaninuman sa inyong kapanahunan.*

21. "*O aking sambayanan*, *pumasok kayo sa banal na kalupaan – na ito ay ang* '*Baytul Maqdis*' *at ang mga nakapalibot doon*, *na siyang ipinangako ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo na ito ay inyong mapapasok*; *at makipaglaban sa sinuman na mga walang pananampalataya na naroroon at huwag kayong aatras sa pakikipaglaban sa mga taong malalakas na yaon*; *kung hindi ay wala kayong mapapalang kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay*."

22. Sinabi nila: "*O Mousã* (عليه السلام), *walang pag-aalinlangan na naroroon ang mga matatapang at malalakas na tao*; *na kung kaya*, *hindi namin kayang makipaglaban sa kanila*; *at kailanman ay hindi kami papasok doon hangga't naroroon pa rin sila*, *at kapag umalis na sila ay saka pa lamang kami papasok.*"

23. Sinabi ng dalawang kalalakihang kabilang sa kanila na mga may takot sa Allâh na sila ay biniyayaan ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya at sa Kanyang Propeta, mula sa mga angkan ni Isrâ`îl: "*Lusubin na ninyo ang mga matatapang at malalakas na tao sa pamamagitan ng pagpasok sa pintuan ng kanilang lunsod para maisagawa ninyo ang ipinag-utos*, *at kapag kayo ay nakapasok na sa pintuan ay matatalo na ninyo sila*; *at sa Allâh* (ﷻ) *lamang kayo magtiwala kung kayo ay tunay na naniniwala sa Kanyang Sugo*, *sa anumang dala-dala niya sa inyo*; *at kung kayo ay sumusunod sa Kanyang batas*."

قَالُوا۟ يَٰمُوسَىٰٓ إِنَّا لَن نَّدْخُلَهَآ أَبَدًا مَّا دَامُوا۟ فِيهَا ۖ فَٱذْهَبْ
أَنتَ وَرَبُّكَ فَقَٰتِلَآ إِنَّا هَٰهُنَا قَٰعِدُونَ ﴿٢٤﴾ قَالَ رَبِّ
إِنِّى لَآ أَمْلِكُ إِلَّا نَفْسِى وَأَخِى ۖ فَٱفْرُقْ بَيْنَنَا وَبَيْنَ ٱلْقَوْمِ
ٱلْفَٰسِقِينَ ﴿٢٥﴾ قَالَ فَإِنَّهَا مُحَرَّمَةٌ عَلَيْهِمْ أَرْبَعِينَ سَنَةً ۛ
يَتِيهُونَ فِى ٱلْأَرْضِ ۗ فَلَا تَأْسَ عَلَى ٱلْقَوْمِ ٱلْفَٰسِقِينَ
﴿٢٦﴾ ۞ وَٱتْلُ عَلَيْهِمْ نَبَأَ ٱبْنَىْ ءَادَمَ بِٱلْحَقِّ ۘ إِذْ قَرَّبَا قُرْبَانًا
فَتُقُبِّلَ مِنْ أَحَدِهِمَا وَلَمْ يُتَقَبَّلْ مِنَ ٱلْءَاخَرِ ۚ قَالَ لَأَقْتُلَنَّكَ ۖ
قَالَ إِنَّمَا يَتَقَبَّلُ ٱللَّهُ مِنَ ٱلْمُتَّقِينَ ﴿٢٧﴾ لَئِنۢ بَسَطتَ إِلَىَّ يَدَكَ
لِتَقْتُلَنِى مَآ أَنَا۠ بِبَٰسِطٍ يَدِىَ إِلَيْكَ لِأَقْتُلَكَ ۖ إِنِّىٓ أَخَافُ ٱللَّهَ
رَبَّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٢٨﴾ إِنِّىٓ أُرِيدُ أَن تَبُوٓأَ بِإِثْمِى وَإِثْمِكَ فَتَكُونَ
مِنْ أَصْحَٰبِ ٱلنَّارِ ۚ وَذَٰلِكَ جَزَٰٓؤُا۟ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٢٩﴾ فَطَوَّعَتْ
لَهُۥ نَفْسُهُۥ قَتْلَ أَخِيهِ فَقَتَلَهُۥ فَأَصْبَحَ مِنَ ٱلْخَٰسِرِينَ ﴿٣٠﴾
فَبَعَثَ ٱللَّهُ غُرَابًا يَبْحَثُ فِى ٱلْأَرْضِ لِيُرِيَهُۥ كَيْفَ يُوَٰرِى
سَوْءَةَ أَخِيهِ ۚ قَالَ يَٰوَيْلَتَىٰٓ أَعَجَزْتُ أَنْ أَكُونَ مِثْلَ هَٰذَا
ٱلْغُرَابِ فَأُوَٰرِىَ سَوْءَةَ أَخِى ۖ فَأَصْبَحَ مِنَ ٱلنَّٰدِمِينَ ﴿٣١﴾

24. Sinabi ng sambayanan ni Mousã (عليه السلام): "*Kailanman ay hindi kami papasok sa lunsod na yaan hangga't nandiyan pa ang matatapang na mga tao*; *na kung kaya*, *ikaw ang pumunta at ang iyong* '*Rabb*' *– at kayong dalawa ang makipaglaban*; *at kami ay uupo na lamang dito at di makikipaglaban*." At ito ay pagpu-pumilit mula sa kanila sa paglabag kay Mousã (عليه السلام).

25. At humarap si Mousã (عليه السلام) sa kanyang '*Rabb*' na nananalangin: "*O aking* '*Rabb!*' *Ang kaya ko lamang ay ang aking sarili at ang aking kapatid*; *na kung kaya*, *ihiwalay Mo kami mula sa mga naghimagsik at sumuway sa Iyo.*"

26. At sinabi ng Allâh (سبحانه وتعالى) sa Kanyang Propeta na si Mousã (عليه السلام): "*Katiyakan*, *ang pagpasok sa banal na lugar ay ipagbabawal sa kanila na mga Hudyo*, *sa loob ng apatnapung taon*; *na sila ay gagala-gala sa kalupaan na walang patutunguhan. Na kung gayon*, *huwag kang malungkot*, *O Mousã* (عليه السلام), *sa mga taong lumabag at naghimagsik sa Aking kagustuhan*."

27. Isalaysay mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga angkan ni Isrâ`îl, ang kuwento hinggil sa dalawang anak ni Âdam (عليه السلام) na sina Qabîl (Cain) at si Hâbîl (Abel); at ito ang makatotohanang pangyayari, noong nag-alay ang bawa't isa sa kanila para ihandog sa Allâh (سبحانه وتعالى); at tinanggap ng Allâh (سبحانه وتعالى) ang alay ni Hâbîl dahil sa malinis ang kanyang kalooban, samantalang hindi Niya tinanggap ang kay Qabîl dahil hindi malinis ang kalooban nito. Sa ganito, kinainggitan at kinamuhian ni Qabîl ang kanyang kapatid at kanyang sinabi: "*Papatayin kita!*" At tumugon naman si Hâbîl (Abel): "*Ang tinatanggap lamang ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *ay alay mula sa sinumang natatakot sa Kanya.*"

28. At sinabi ni Hâbîl bilang pagpapayo sa kanyang kapatid: "*Kapag nagbuhat ka ng kamay laban sa akin upang ako ay iyong patayin*, *kailanman ay hindi mo ako makikitang gagawin yaon sa iyo*, *dahil ako ay may takot sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *na Siyang* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha*."

29. "*Katiyakan*, *nais ko na ikaw ang magpapasan ng kasalanan ng pagpatay sa akin gayundin ang iyong mga kasalanan*, *pagkatapos ay magiging kabilang ka sa mananatili sa Impiyerno*, *at yaon ang kabayaran ng mga mapang-api*, *kriminal*."

30. Samakatuwid, naging kaiga-igaya kay Qabîl na patayin niya ang kanyang kapatid, na kung kaya, napatay niya ito at naging kabilang siya sa mga talunan, na ipinagpalit niya ang Kabilang-Buhay sa makamundong buhay.

31. Noong napatay ni Qabîl ang kanyang kapatid, hindi niya alam kung ano ang kanyang gagawin sa bangkay nito; kaya nagpadala ang Allâh (ﷻ) ng uwak, na kinahig ang lupa at pagkatapos ay inilibing ang isang uwak na namatay; nang sa gayon ay maituro kay Qabîl kung paano niya ililibing ang bangkay ng kanyang kapatid; at namangha si Qabîl at kanyang sinabi: "*Hindi ko ba kayang gawin ang katulad ng ginawa ng uwak na ito para itago ang bangkay ng aking kapatid?*" At doon inilibing ni Qabîl ang kanyang kapatid, at pinarusahan siya ng Allâh (ﷻ) ng pagdadalamhati, pagkatapos siya ay bumalik na dala-dala ang kapighatian.

مِنْ أَجْلِ ذَٰلِكَ كَتَبْنَا عَلَىٰ بَنِيٓ إِسْرَٰٓءِيلَ أَنَّهُۥ مَن قَتَلَ
نَفْسًۢا بِغَيْرِ نَفْسٍ أَوْ فَسَادٍ فِى ٱلْأَرْضِ فَكَأَنَّمَا قَتَلَ
ٱلنَّاسَ جَمِيعًا وَمَنْ أَحْيَاهَا فَكَأَنَّمَآ أَحْيَا ٱلنَّاسَ
جَمِيعًا ۚ وَلَقَدْ جَآءَتْهُمْ رُسُلُنَا بِٱلْبَيِّنَٰتِ ثُمَّ إِنَّ كَثِيرًا
مِّنْهُم بَعْدَ ذَٰلِكَ فِى ٱلْأَرْضِ لَمُسْرِفُونَ ﴿٣٢﴾ إِنَّمَا
جَزَٰٓؤُا۟ ٱلَّذِينَ يُحَارِبُونَ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ وَيَسْعَوْنَ فِى ٱلْأَرْضِ
فَسَادًا أَن يُقَتَّلُوٓا۟ أَوْ يُصَلَّبُوٓا۟ أَوْ تُقَطَّعَ أَيْدِيهِمْ
وَأَرْجُلُهُم مِّنْ خِلَٰفٍ أَوْ يُنفَوْا۟ مِنَ ٱلْأَرْضِ ۚ ذَٰلِكَ
لَهُمْ خِزْىٌ فِى ٱلدُّنْيَا ۖ وَلَهُمْ فِى ٱلْءَاخِرَةِ عَذَابٌ عَظِيمٌ
﴿٣٣﴾ إِلَّا ٱلَّذِينَ تَابُوا۟ مِن قَبْلِ أَن تَقْدِرُوا۟ عَلَيْهِمْ ۖ فَٱعْلَمُوٓا۟
أَنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٣٤﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟
ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَٱبْتَغُوٓا۟ إِلَيْهِ ٱلْوَسِيلَةَ وَجَٰهِدُوا۟ فِى سَبِيلِهِۦ
لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿٣٥﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَوْ أَنَّ
لَهُم مَّا فِى ٱلْأَرْضِ جَمِيعًا وَمِثْلَهُۥ مَعَهُۥ لِيَفْتَدُوا۟ بِهِۦ مِنْ
عَذَابِ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ مَا تُقُبِّلَ مِنْهُمْ ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٣٦﴾

32. At dahil sa krimen ng pagpatay na ito ay ipinag-utos Namin sa mga angkan ni Isrâ`il bilang batas, na ang sinumang makapatay ng tao nang walang sapat na kadahilanan na katulad ng '*Qisas*' o hindi kaya'y magkakalat ng kasamaan sa kalupaan sa pamamagitan ng paghihimagsik laban sa batas ng Allâh; ang katumbas nito ay para siyang pumatay ng lahat ng sangkatauhan dahil sa idudulot nitong malaki at masidhing kaparusahan mula sa Allâh (ﷻ).

At katiyakan ang sinumang nagligtas ng isang buhay ay para siyang nagligtas ng buong sangkatauhan, dahil ang pangangalaga sa karapatan at sa karangalan ng isang tao ay katumbas ng pangangalaga sa mga karapatan at karangalan ng lahat ng sangkatauhan.

At katiyakan, dumating sa mga angkan ni Isrâ`il ang Aming mga Sugo kalakip ang mga katibayan at mga palatandaan na nagpapatunay sa pagiging totoo ng kanilang panawagan tungo sa paniniwala sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at pagsasakatuparan ng anumang ipinag-utos sa kanila.

Subali't ang karamihan sa kanila na mga pinadalhan ng mga Sugo ay sadyang nilabag ang batas ng Allâh (ﷻ) pagkatapos dumating sa kanila ang mga ito, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ipinagbawal ng Allâh (ﷻ) at di-pagsunod sa Kanyang mga ipinag-utos.

33. Ang kaparusahan sa mga naghimagsik laban sa Allâh (ﷻ), at lantaran ang kanilang paghahamon ng labanan sa Allâh (ﷻ), at sinasalungat nila ang batas ng Allâh (ﷻ) at batas ng Kanyang Sugo, at gumagawa sila ng mga kasamaan sa kalupaan sa pamamagitan ng pagpatay ng may buhay at pangangamkam sa mga pagmamay-ari ng iba. Ang kaparusahan sa kanila ay kamatayan o di kaya'y pagpako sa kanila kasama ang pagpatay; o di kaya ay puputulin ang kanilang kanang kamay at kaliwang paa na magkabila, at kapag hindi siya nagbago at nagpatuloy pa rin siya sa kanyang pamiminsala, samakatuwid pagkatapos nito ay puputulin naman ang kanyang kaliwang kamay at kanang paa; o di kaya sila ay

palalabasin sa kanilang bansa at ikukulong sa piitan pagdating nila sa bayan na kanilang patutunguhan hanggang sa mapatunayang sila ay nagsisi.

At ito ang kaparusahan na inihanda ng Allâh (ﷻ) sa mga naghihimagsik laban sa Kanya, na ito ay pagpapahamak dito sa daigdig, at ang para sa kanila sa Kabilang-Buhay ay masidhing kaparusahan kapag sila ay hindi nakapagsisi.

34. Maliban sa sinumang sumuko mula sa mga naghimagsik laban sa Allâh (ﷻ), bago ninyo siya nahuli o nahulog sa ilalim ng inyong kapangyarihan na hindi ninyo siya tinutugis at napaliligiran, kundi siya ay dumating nang kusa at nagsisisi, kung gayon, mapapawalang-sala siya sa anumang kasalanan na kanyang nagawa sa Allâh (ﷻ).

Samakatuwid, dapat ninyong mabatid, O kayong mga naniniwala, na ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

35. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ), at magsumamo kayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya at pagsasagawa ng anumang kalugud-lugod sa Kanya; at makipaglaban kayo sa mga kumakalaban sa '*Deen*' ng Allâh (ﷻ) nang sa gayon ay makamtan ninyo ang tagumpay na Kanyang mga Hardin ('*Al-Jannat*').

36. Katiyakan, ang mga yaong tumanggi sa Kaisahan ng Allâh at sa Kanyang batas; kahit na mapasakanila pa ang lahat ng nasa kalupaan at ang iba pa na katumbas nito; at pagkatapos ay ipangtutubos nila ang mga ito sa kanilang mga sarili sa Araw ng Muling Pagkabuhay mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ), hindi ito tatanggapin ng Allâh (ﷻ) sa kanila; at ang para sa kanila ay masidhing kaparusahan.



37. Aasamin ng mga walang pananampalataya na sana ay makalabas sila sa Impiyerno dahil sa kalagiman na kanilang natatamasa roon; subali't walang anumang kaparaanan upang ito ay mangyari sa kanila (na sila ay makalabas doon); at ang para sa kanila ay kaparusahang walang katapusan.

38. Ang nagnakaw na lalaki at nagkanaw na babae, putulin ninyo, O kayong mga namumuno, ang kanilang kamay ayon sa batas bilang parusa sa kanila sa nagawa nilang pagnakaw sa kayamanan ng mga tao na wala silang karapatan, at bilang kaparusahan upang pigilin ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan nito ang iba pa sa kanila na gagawa ng katulad ng kanilang ginawa. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '`***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang mga Kaharian, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pag-aatas at pagbabawal.

39. At sinuman ang nagsisi pagkatapos niyang magnakaw at itinuwid niya ang lahat ng kanyang mga gawain; walang pag-aalinlangan, tatanggapin ng Allâh (ﷻ) sa kanya ang kanyang pagsisisi. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

40. Hindi mo ba alam, O Muhammad (ﷺ), na ang Allâh (ﷻ) ang Lumikha ng lahat ng mga bagay at Nangangasiwa at Nagmamay-ari nito; at katiyakan, na ginagawa Niya ang anuman na Kanyang nais, pinaparusahan Niya ang sinuman na Kanyang nais at pinatatawad Niya ang sinuman na Kanyang nais, at Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay?

41. O Sugo ng Allâh! Huwag kang magdalamhati sa mga nag-uunahan sa pagtanggi sa iyong pagiging Propeta mula sa mga mapagkunwari – na sila ay ang mga yaong ipinapakita sa panlabas ang Islâm samantalang walang paniniwala ang kanilang mga puso; dahil walang pag-aalinlangan, Ako ang tutulong sa iyo laban sa kanila.

At huwag ka ring magdalamhati sa mabilis na pagtanggi ng mga Hudyo sa iyong pagiging Propeta, dahil sila ay mga tao na nakikinig lamang sa kasinungalingan at ang tinatanggap lamang nila ay ang pagsisinungaling ng kanilang mga Paham; at ang sinusunod nila ay ibang mga tao na hindi dumalo sa pagpupulong at pagbibigay ng mga katuruan mo, at sila ang mga yaong nagbago o nagpalit ng mga salita ng Allâh pagkatapos nila itong maintindihan, at kanilang sinasabi:

"*Kapag dumating sa inyo ang katuruan mula kay Muhammad na sinasang-ayunan ang anumang aming binago at pinalitan na nagmula sa batas ng* '*Tawrah*,' *ay sundin ninyo ito*; *subali't kapag ang dumating sa inyo na nagmula sa kanya ay salungat doon sa aming binago at pinalitan ay iwasan ninyo ito at huwag ninyo itong tanggapin at huwag ninyo itong susundin*."

At sinuman ang ninais ng Allâh (ﷻ) na maligaw,[40] kailanman ay hindi mo magagawa, O Muhammad (ﷺ), na maialis siya mula roon (sa pagkaligaw na yaon) at hindi ka na magkakaroon pa ng kakayahan na siya ay mapatnubayan.

Katiyakan, hindi ninais ng Allâh (ﷻ) na linisin ang kanilang mga puso, sila na mga mapagkunwari at mga Hudyo, mula sa dungis ng pagtanggi at di-paniniwala; at ang para sa kanila ay kapahamakan at kahihiyan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay na para sa kanila ay masidhing kaparusahan.

[40]Na ang inililigaw lamang ng Allâh (ﷻ) ay ang mga karapat-dapat na iligaw, dahil sa nilalaman ng kanilang mga puso na pagtanggi at pagmamataas, at patuloy na paglabag at pagsagawa ng mga kasamaan.


سَمَّٰعُونَ لِلْكَذِبِ أَكَّٰلُونَ لِلسُّحْتِ ۚ فَإِن جَآءُوكَ
فَٱحْكُم بَيْنَهُمْ أَوْ أَعْرِضْ عَنْهُمْ ۖ وَإِن تُعْرِضْ عَنْهُمْ فَلَن
يَضُرُّوكَ شَيْـًٔا ۖ وَإِنْ حَكَمْتَ فَٱحْكُم بَيْنَهُم بِٱلْقِسْطِ ۚ
إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلْمُقْسِطِينَ ﴿٤٢﴾ وَكَيْفَ يُحَكِّمُونَكَ وَعِندَهُمُ
ٱلتَّوْرَىٰةُ فِيهَا حُكْمُ ٱللَّهِ ثُمَّ يَتَوَلَّوْنَ مِنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ ۚ
وَمَآ أُو۟لَٰٓئِكَ بِٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٤٣﴾ إِنَّآ أَنزَلْنَا ٱلتَّوْرَىٰةَ فِيهَا
هُدًى وَنُورٌ ۚ يَحْكُمُ بِهَا ٱلنَّبِيُّونَ ٱلَّذِينَ أَسْلَمُوا۟ لِلَّذِينَ
هَادُوا۟ وَٱلرَّبَّٰنِيُّونَ وَٱلْأَحْبَارُ بِمَا ٱسْتُحْفِظُوا۟ مِن كِتَٰبِ
ٱللَّهِ وَكَانُوا۟ عَلَيْهِ شُهَدَآءَ ۚ فَلَا تَخْشَوُا۟ ٱلنَّاسَ
وَٱخْشَوْنِ وَلَا تَشْتَرُوا۟ بِـَٔايَٰتِى ثَمَنًا قَلِيلًا ۚ وَمَن لَّمْ يَحْكُم
بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْكَٰفِرُونَ ﴿٤٤﴾ وَكَتَبْنَا عَلَيْهِمْ
فِيهَآ أَنَّ ٱلنَّفْسَ بِٱلنَّفْسِ وَٱلْعَيْنَ بِٱلْعَيْنِ وَٱلْأَنفَ
بِٱلْأَنفِ وَٱلْأُذُنَ بِٱلْأُذُنِ وَٱلسِّنَّ بِٱلسِّنِّ وَٱلْجُرُوحَ
قِصَاصٌ ۚ فَمَن تَصَدَّقَ بِهِۦ فَهُوَ كَفَّارَةٌ لَّهُۥ ۚ وَمَن
لَّمْ يَحْكُم بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٤٥﴾

42. Sila na mga Hudyo, pinagsama nila ang pakikinig sa kasinungalingan at ang pagkain ng mga ipinagbabawal; at kapag sila ay dumating sa iyo para magsakdal, alinman sa dalawa, hatulan mo sila o di kaya ay pabayaan mo sila; at kapag hindi mo sila hinatulan, kailanman ay hindi ka nila maipapahamak, subali't kung ikaw ay maghahatol sa kanila, hatulan mo sila nang makatarungan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay nagmamahal sa mga makatarungan.

43. Nakakagulat ang ginagawa ng mga Hudyo, dahil sa sila ay nagpapasakdal sa iyo, O Muhammad (ﷺ), gayong hindi naman sila naniniwala sa iyo at maging sa Aklat na dala-dala mo; samantalang sa '*Tawrah*' na pinaniniwalaan nila ay nandoroon ang batas ng Allâh (ﷻ); magkagayunpaman pagkatapos mo silang hatulan ay tumatalikod sila kapag hindi sila nasiyahan sa ginawa mong paghatol – pinagsama nila ang ginawa nilang pagtanggi sa kanilang batas at pagtanggi sa iyong paghatol. Gayong hindi ganoon ang pag-uugali at katangian ng mga naniniwala sa Allâh, sa iyo at sa anuman na ipinasiya mo sa kanila.

44. Katiyakan, Kami ang nagpahayag ng '*Tawrah*,' na kung saan nakapaloob doon ang gabay mula sa pagkaligaw; at mga paliwanag sa mga batas na pinaniwalaan at isinakatuparan ng mga Propetang nagpasailalim sa batas ng Allâh (ﷻ), na sila (Sugo) ay ipinadala sa mga Hudyo at hindi sila lumabas sa batas nito at hindi nila ito binago.

At isinakatuparan din ito ng mga relihiyosong Hudyo at ng kanilang mga Paham sa pamamagitan ng pagpapangaral nila nito sa mga tao ayon sa batas ng Allâh (ﷻ), dahil ipinagkatiwala sa kanila ng kanilang mga Propeta ang pagpapahayag (pagpapalaganap) ng '*Tawrah*' at pagkaunawa sa Aklat ng Allâh at pagpapatupad nito.

At ang mga relihiyosong Hudyo at mga Paham ang mga testigo sa kanilang mga Propeta, na ipinatupad nila sa mga Hudyo ang Aklat ng Allâh. At sinasabi ng Allâh (ﷻ) sa mga paham na mga Hudyo at sa mga relihiyoso mula sa kanila:

"*Huwag kayong matakot sa mga tao sa pagpapatupad ng Aking batas*, *dahil sila ay walang kakayahan na mabigyan kayo ng kapakinabangan o di kaya ay ipahamak kayo*; *sa halip ay Ako ang inyong katakutan dahil Ako ang nagbibigay ng kapakinabangan at nagsasanhi rin ng kapahamakan. Huwag ninyong ipagbili ang aking mga talata sa napakaliit na halaga sa pamamagitan ng pagtanggap ng suhol bilang kapalit ng pag-iwas ninyo sa pagpapatupad ng Aking ipinahayag*."

At ang mga yaong pinalitan nila ang batas ng Allâh (ﷻ) na Kanyang ipinahayag sa Kanyang Aklat, inilihim, tinanggihan at sa halip ay nagpatupad sila ng ibang batas ay sila ang mga walang pananampalataya.

45. At ipinag-utos Namin sa kanila sa '*Tawrah*:' ang batas ng buhay sa buhay, mata sa mata, ilong sa ilong, tainga sa tainga, ngipin sa ngipin, at mga sugat katumbas ng mga sugat; subali't ang sinumang nagpatawad at ipinagsawalang-bahala na lamang niya ang kanyang karapatan na ganti sa taong nakapinsala sa kanya, (na samakatuwid) yaon ay nakabubura sa ilang mga kasalanan ng pininsala (biktima).

At sinuman ang hindi humatol ayon sa inihayag ng Allâh (ﷻ) na batas ng '*Qisas*' at iba pa, sila samakatuwid ay mga '*Dzâlimûn*' – lumabag sa hangganang batas na itinakda ng Allâh.

وَقَفَّيْنَا عَلَىٰٓ ءَاثَـٰرِهِم بِعِيسَى ٱبْنِ مَرْيَمَ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ
ٱلتَّوْرَىٰةِ ۖ وَءَاتَيْنَـٰهُ ٱلْإِنجِيلَ فِيهِ هُدًى وَنُورٌ وَمُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ
يَدَيْهِ مِنَ ٱلتَّوْرَىٰةِ وَهُدًى وَمَوْعِظَةً لِّلْمُتَّقِينَ ﴿٤٦﴾ وَلْيَحْكُمْ
أَهْلُ ٱلْإِنجِيلِ بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ فِيهِ ۚ وَمَن لَّمْ يَحْكُم بِمَآ أَنزَلَ
ٱللَّهُ فَأُو۟لَـٰٓئِكَ هُمُ ٱلْفَـٰسِقُونَ ﴿٤٧﴾ وَأَنزَلْنَآ إِلَيْكَ ٱلْكِتَـٰبَ
بِٱلْحَقِّ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ ٱلْكِتَـٰبِ وَمُهَيْمِنًا
عَلَيْهِ ۖ فَٱحْكُم بَيْنَهُم بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ ۖ وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَآءَهُمْ
عَمَّا جَآءَكَ مِنَ ٱلْحَقِّ ۚ لِكُلٍّ جَعَلْنَا مِنكُمْ شِرْعَةً وَمِنْهَاجًا ۚ
وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ لَجَعَلَكُمْ أُمَّةً وَٰحِدَةً وَلَـٰكِن لِّيَبْلُوَكُمْ فِى مَآ
ءَاتَىٰكُمْ ۖ فَٱسْتَبِقُوا۟ ٱلْخَيْرَٰتِ ۚ إِلَى ٱللَّهِ مَرْجِعُكُمْ جَمِيعًا
فَيُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ فِيهِ تَخْتَلِفُونَ ﴿٤٨﴾ وَأَنِ ٱحْكُم بَيْنَهُم بِمَآ
أَنزَلَ ٱللَّهُ وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَآءَهُمْ وَٱحْذَرْهُمْ أَن يَفْتِنُوكَ عَنۢ
بَعْضِ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ إِلَيْكَ ۖ فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَٱعْلَمْ أَنَّمَا يُرِيدُ ٱللَّهُ أَن يُصِيبَهُم
بِبَعْضِ ذُنُوبِهِمْ ۗ وَإِنَّ كَثِيرًا مِّنَ ٱلنَّاسِ لَفَـٰسِقُونَ ﴿٤٩﴾ أَفَحُكْمَ
ٱلْجَـٰهِلِيَّةِ يَبْغُونَ ۚ وَمَنْ أَحْسَنُ مِنَ ٱللَّهِ حُكْمًا لِّقَوْمٍ يُوقِنُونَ ﴿٥٠﴾

46. Sa mga magkakasunod na mga Propeta mula sa angkan ni Isrâ`il ay ipinadala Namin si `Îsã bin Maryam (Hesus anak ni Maria ﷺ), na pinaniniwalaan niya kung ano ang nasa '*Tawrah*,' na pinatutupad niya ang anuman na naroroon na hindi nabago, sa pamamagitan ng kanyang Aklat; at ipinahayag Namin sa kanya ang '*Injeel*' (Ebanghelyo) bilang patnubay tungo sa katotohanan; at pagpapahayag sa mga bagay na hindi pa batid ng mga tao mula sa batas ng Allâh (ﷻ); at nagpapatotoo sa '*Tawrah*' at sa anuman na nasa loob nito na mga batas; na ito ay ginawa Namin bilang pagpapahayag sa mga yaong mayroong takot sa Allâh at bilang babala (na rin) sa kanila upang hindi sila magsagawa ng mga ipinagbabawal.

47. Hayaan ng mga taong tagasunod ng '*Injeel*,' na kung saan sa kanila'y ipinadala si `Îsã (Hesus ﷺ), na ipatupad ang batas ng Allâh (ﷻ) na Kanyang ipinahayag sa Aklat na yaon. At sinuman ang hindi makapagpapatupad ng batas na ipinahayag ng Allâh (ﷻ), sila sa katotohanan ang mga lumabag sa Kanyang kautusan at naghimagsik.

48. At ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Dakilang Qur'ân, na ang lahat ng nakapaloob dito ay makatotohanan; at tumitestigo at pinapatotohanan nito ang mga naunang Aklat, na ang mga ito ay nagmula sa Allâh (ﷻ); at (ang Qur'ân na) ito ay nangingibabaw sa naunang mga Aklat at nagpapatotoo at bilang tagapangalaga sa mga naunang kasulatan.

Kung gayon, ipatupad mo sa mga nagpapasakdal sa iyo mula sa mga Hudyo, ang anumang ipinahayag sa iyo ng Allâh (ﷻ), na nasa Dakilang Qur'ân; at huwag kang lumihis sa katotohanang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa iyo tungo sa kanilang mga pagnanasa at sa kanilang mga maling kinaugalian.

Walang pag-aalinlangan, gumawa Kami sa bawa't sambayanan ng kanilang batas, at malinaw na pamamaraan na kanilang sinusunod. At kung ninais lamang ng Allâh (ﷻ) ay gagawin Niya ang mga batas ninyo na isa lamang; subali't pinag-iba-iba Niya ang mga ito upang subukin kayo at palitawin sa pamamagitan nito ang tunay na sumusunod mula sa lumalabag.

Kung gayon, mag-unahan kayo sa pagsagawa ng anumang bagay na makababuti sa inyo rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, sa pamamagitan ng pagpapatupad sa anumang nasa Dakilang Qur'ân. At walang pag-aalinlangan, kayo ay patungo sa Allâh (ﷻ), at Kanyang isasaysay sa inyo ang anumang hindi ninyo pinagkasunduan. At tutumbasan Niya ang bawat isa ayon sa kanyang nagawa.

49. Na kung kaya, hukuman mo ang mga Hudyo, O Muhammad (ﷺ), ayon sa kung ano ang ipinahayag sa iyo na Qur'ân; at huwag mong sundin ang pagnanasa ng mga nagpapahatol sa iyo, at balaan mo sila hinggil sa pagharang na ginawa nila sa ilang mga ipinahayag sa iyo ng Allâh (ﷻ), para hindi mo ito maisagawa; at kapag sila ay tumanggi sa anumang inihatol mo, dapat mong mabatid na ang Allâh (ﷻ) ay Siyang nagnais na ilayo sila sa patnubay dahil sa kanilang mga nagawang kasalanan. At katiyakan, karamihan sa mga tao ay lumabag at hindi sumusunod sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

50. Inaasam-asam ba nila na mga Hudyo, na ipatupad mo sa kanila ang batas na nakaugalian ng mga '*Mushrikûn*' (yaong naglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh o sumasamba sa mga rebulto, santo, imahen at iba pa bukod sa Allâh) mula sa kanilang pagkaligaw at mga kamangmangan? Sino pa ba kung gayon ang higit na makatarungan kaysa sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang itinalagang batas, para sa sinumang nakaiintindi ng batas mula sa Allâh (ﷻ) at kanyang pinaniniwalaan at siya ay nakatitiyak.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَتَّخِذُوا۟ ٱلْيَهُودَ وَٱلنَّصَٰرَىٰٓ أَوْلِيَآءَ ۘ بَعْضُهُمْ
أَوْلِيَآءُ بَعْضٍ ۚ وَمَن يَتَوَلَّهُم مِّنكُمْ فَإِنَّهُۥ مِنْهُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ
ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٥١﴾ فَتَرَى ٱلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ يُسَٰرِعُونَ فِيهِمْ
يَقُولُونَ نَخْشَىٰٓ أَن تُصِيبَنَا دَآئِرَةٌ ۚ فَعَسَى ٱللَّهُ أَن يَأْتِىَ بِٱلْفَتْحِ أَوْ أَمْرٍ
مِّنْ عِندِهِۦ فَيُصْبِحُوا۟ عَلَىٰ مَآ أَسَرُّوا۟ فِىٓ أَنفُسِهِمْ نَٰدِمِينَ ﴿٥٢﴾
وَيَقُولُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَهَٰٓؤُلَآءِ ٱلَّذِينَ أَقْسَمُوا۟ بِٱللَّهِ جَهْدَ أَيْمَٰنِهِمْ ۙ
إِنَّهُمْ لَمَعَكُمْ ۚ حَبِطَتْ أَعْمَٰلُهُمْ فَأَصْبَحُوا۟ خَٰسِرِينَ ﴿٥٣﴾ يَٰٓأَيُّهَا
ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَن يَرْتَدَّ مِنكُمْ عَن دِينِهِۦ فَسَوْفَ يَأْتِى ٱللَّهُ بِقَوْمٍ يُحِبُّهُمْ
وَيُحِبُّونَهُۥٓ ۥٓ أَذِلَّةٍ عَلَى ٱلْمُؤْمِنِينَ أَعِزَّةٍ عَلَى ٱلْكَٰفِرِينَ يُجَٰهِدُونَ فِى
سَبِيلِ ٱللَّهِ وَلَا يَخَافُونَ لَوْمَةَ لَآئِمٍ ۚ ذَٰلِكَ فَضْلُ ٱللَّهِ يُؤْتِيهِ مَن يَشَآءُ ۚ
وَٱللَّهُ وَٰسِعٌ عَلِيمٌ ﴿٥٤﴾ إِنَّمَا وَلِيُّكُمُ ٱللَّهُ وَرَسُولُهُۥ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱلَّذِينَ
يُقِيمُونَ ٱلصَّلَوٰةَ وَيُؤْتُونَ ٱلزَّكَوٰةَ وَهُمْ رَٰكِعُونَ ﴿٥٥﴾ وَمَن يَتَوَلَّ ٱللَّهَ
وَرَسُولَهُۥ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ فَإِنَّ حِزْبَ ٱللَّهِ هُمُ ٱلْغَٰلِبُونَ ﴿٥٦﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ
ءَامَنُوا۟ لَا تَتَّخِذُوا۟ ٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُوا۟ دِينَكُمْ هُزُوًا وَلَعِبًا مِّنَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟
ٱلْكِتَٰبَ مِن قَبْلِكُمْ وَٱلْكُفَّارَ أَوْلِيَآءَ ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٥٧﴾

51. O kayong mga naniwala! Huwag ninyong ituring ang mga Hudyo at mga Kristiyano bilang kaanib at tagapagtanggol laban sa mga mananampalataya; dahil sila ay walang pagmamalasakit sa mga mananampalataya, sapagka't sila lamang na mga Hudyo ang mga nagmamahalan sa isa't isa at gayundin ang mga Kristiyano, at ang dalawang grupo ay nagkakasundo sa pakikipaglaban sa inyo, gayong kayo, O mga mananampalataya, ang higit na karapat-dapat na nagtutulungan sa isa't isa. At sinuman sa inyo, samakatuwid, ang makipagtulungan sa kanila, siya na nakipagtulungan ay magiging kabilang sa kanila at ituturing siyang katulad nila. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya ginagabayan ang mga tao na mga masasama na nakikipagtulungan sa mga walang pananampalataya.

52. Ikinukuwento sa inyo ng Allâh (ﷻ) ang tungkol sa grupo ng mga mapagkunwari, na sila ay nagmamadali sa pakikipagkaibigan sa mga Hudyo dahil sa pag-aalinlangan at pagbabalat-kayo sa kanilang mga puso, na kanilang sinasabi: "*Kaya lamang naman kami nakipagkaibigan sa kanila dahil nangangamba kami na malupig nila ang mga Muslim at madadamay kami.*"

Sinabi ng Allâh (ﷻ) bilang pagpapayo: "*Maaaring ipagkakaloob Niya ang tagumpay na tulad ng pagkapanalo nila sa Makkah*; *at tutulungan Niya ang Kanyang Propeta*, *at papapanalunin Niya ang Islâm at ang mga Muslim*, *laban sa mga walang pananampalataya*; *o di kaya ay magtatakda Siya ng mga pangyayari na magpapahina sa mga Hudyo at mga Kristiyano upang sila ay mapasailalim sa mga Muslim*, *at sa pagkakataong yaon ay magdurusa ang mga mapagkunwari dahil sa kinimkim nila sa kanilang mga puso na pakikipagsabwatan sa kanila* (*na mga Hudyo*)."

53. At doon, sasabihin ng ilan sa mga mananampalataya sa iba, bilang pagtataka sa mga nangyari sa mga mapagkunwari kapag nalantad na ang kanilang mga ginawa: "*Sila ba ang yaong sumumpa ng mabigat na sumpaan na sila ay kabilang sa atin?*" Nawalan ng saysay ang mga nagawang kabutihan ng mga

mapagkunwari rito sa daigdig, at wala rin silang gantimpala dahil sa ang kanilang gawain ay hindi nagmula sa tamang paniniwala; na kung kaya, sila ay naging mga talunan dito sa daigdig at gayundin sa Kabilang-Buhay.

54. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Sinuman sa inyo ang tatalikod sa kanyang '*Deen*' (na '*Al-Islâm*') at ito ay papalitan niya ng Judaismo o di kaya ay Kristiyanismo o di kaya ay iba pa. Kailanman ay hindi nila makakanti ang Allâh (ﷻ) at walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay lilikha ng panibagong mga tao na higit pa kaysa sa kanila, na sila ay mamahalin ng Allâh (ﷻ) at mamahalin (din) nila ang Allâh (ﷻ), at sila ay maawain at mapagkumbaba sa mga mananampalataya, at mga matatatag laban sa mga walang pananampalataya, at makikipaglaban sa mga kalaban ng Allâh at wala silang katatakutan na sinuman bukod sa Allâh (ﷻ).

Ganito ang pagbibiyaya ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang kagandahang-loob, na ito ay ipinagkakaloob Niya sa sinuman na Kanyang nais; at ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Wâsee***`' – Ganap at Napakalawak ang Kanyang kagandahang-loob sa mga pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, na ``***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam kung sinuman ang karapat-dapat sa mga ito mula sa Kanyang mga alipin.

55. Ang inyong tagapagtanggol, O kayo na mga mananampalataya, ay ang Allâh (ﷻ), ang Kanyang Sugo; at ang mga mananampalataya na pinangangalagaan nila ang kanilang mga obligadong '*Salâh*,' at nagbibigay ng '*Zakâh*' na bukal sa kanilang kalooban, at sila na mga isinusuko ang kanilang buong sarili sa Allâh (ﷻ).

56. At sinuman ang nagtiwala sa Allâh (ﷻ) – na ginawa niyang tagapangalaga at tagapagtaguyod ang Allâh (ﷻ), ang Kanyang Sugo at ang mga mananampalataya; samakatuwid, siya ay magiging kabilang sa grupo ng Allâh (ﷻ), at ang grupo ng Allâh (ﷻ) ay siyang magtatagumpay at magwawagi.

57. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Huwag ninyong ituring na mga kaibigan, tagapagtanggol at tagapangalaga ang mga yaong nangungutya at nagtatawa sa inyong '*Deen*' mula sa mga '*Ahlul Kitâb*' (mga Hudyo at mga Kristiyano) at sa mga '*Kuffar*' (walang pananampalataya). Katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ), kung kayo ay talagang tunay na naniniwala sa Kanya at sa Kanyang batas.

58. At kapag nanawagan na ang tagapagtawag ng ‘*Salâh*,’ kayo, O mga naniniwala ay kinukutya at hinahamak nila ang pagtawag ninyo tungo sa pagsasagawa ng ‘*Salâh*’ – na sila ay yaong mga Hudyo, mga Kristiyano at mga pagano; at ito ay ginagawa nila dahil sa kanilang kamangmangan, at sa hindi nila pagkakakilala sa Allâh (ﷻ) na kanilang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, at dahil sa hindi nila naiintindihan ang batas ng Allâh (ﷻ) hinggil sa pagsamba sa Kanyang Kaisahan.

59. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na nanglalait mula sa mga angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at mga Kristiyano): “*Ang anumang nakikita ninyo sa amin na* (*akala ninyo ay*) *kapintasan o kakulangan ay sa katotohanan ito ay kapurihan para sa amin dahil sa ito ay nagmula sa aming paniniwala sa Allâh* (ﷻ), *sa Kanyang mga Aklat na ipinahayag sa amin at sa sinuman na nauna sa amin na mga mananampalataya*; *at sa aming paniniwala na ang karamihan sa inyo ay nasa labas ng Matuwid na Landas dahil sa kanilang paghihimagsik at pagsuway sa Allâh*.”

60. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga mananampalataya: “*Gusto ba ninyong sabihin ko sa inyo kung sino ang kabilang sa makalalasap ng matinding kaparusahan*, *nang higit pa kaysa sa kanila na mga* ‘*Fâsiq*’ (*naghimagsik at sumuway sa Allâh*) *sa Araw ng Muling Pagkabuhay? Sila ay ang mga yaong nauna sa inyo* (*na mga tao*) *na isinumpa at inilayo ng Allâh mula sa Kanyang awa*; *at kinamuhian sila at ginawang mga hayop ang kanilang mga anyo*, *na sila ay ginawang mga unggoy at mga baboy*; *dahil sa kanilang paglabag*, *pagsisinungaling at pagmamataas*; *at gayundin*, *ang ilan sa kanila ay mga sumasamba sa mga* ‘*Tâghût*’ (*mga huwad na sinasamba*, *lahat ng mga sinasamba bukod sa Allâh*), *at walang pag-aalinlangan*, *napakasama ng kanilang magiging katayuan sa Kabilang-Buhay*, *at naligaw ang kanilang landas dito sa daigdig mula sa Matuwid at Tamang Landas*.”

61. At kapag dumating sa inyo, O kayong mga mananampalataya, ang mga mapagkunwari na mga Hudyo, kanilang sinasabi: “*Naniwala kami*,” samantalang patuloy pa rin sila sa kanilang paglabag. Katiyakan, pumasok sila sa inyo na walang paniniwala sa Allâh sa kanilang mga puso at lumabas din sila nang

ganoon; at ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam kung ano ang kanilang mga inililihim kahit iba ang kanilang ipinapakita sa panlabas.

62. At nakikita mo, O Muhammad (ﷺ), ang karamihan sa mga Hudyo na nagmamadali sa kanilang paglabag at pagsasagawa ng mga kasalanan, na tulad ng pagsisinungaling, paghihimagsik laban sa batas ng Allâh (ﷻ), at pangangamkam sa mga kayamanan ng mga tao nang hindi makatarungan; walang pag-aalinlangan, napakasama ng kanilang nagawa at ang kanilang paghihimagsik.

63. Bakit hindi pagbawalan ng kanilang mga pinuno at ng kanilang mga paham ang mga yaong nagmamadali sa pagsasagawa ng mga kasalanan at paglabag; ganoon din sa kanilang pagsisinungaling at pangangamkam ng mga kayamanan ng tao nang hindi makatarungan, katiyakan na napakasama ng kanilang nagawa noong umiwas sila sa pagbabawal ng masama?

64. Ipinapakita ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Propeta ang ilan sa mga pagkakasala ng mga Hudyo, na sinasabi nila nang palihim lamang sa kanilang mga sarili na: “*Ang dalawang Kamay ng Allâh* (ﷻ) *ay nakatali sa pagsagawa ng kabutihan*; *at nagmaramot sa amin sa pagbigay ng kabuhayan at kasaganaan nito*, *na ito ay yaong nangyari noon na tagtuyot at taggutom*.” Nawa’y ang kanilang mga kamay ang nakatali sa paggawa ng kabutihan, at isinumpa sila ng Allâh at inilayo mula sa Kanyang awa dahil sa kanilang sinabi. At ang katotohanan ay hindi ang katulad ng kanilang ibinibintang laban sa Allâh na kanilang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, bagkus ang Kanyang dalawang Kamay ay nakalahad nang malawak at walang sinuman ang kumukontrol nito upang pigilin sa Kanyang pamamahagi dahil Siya ay Ganap ang Kanyang Kabaitan na namamahagi o nagkakaloob Siya ayon sa Kanyang ‘*Hikmah*’ (karunungan) at sa anumang nakabubuti sa Kanyang mga alipin.

Ang ‘*Âyah’* (o talatang) ito ay pagpapatunay, na ang Allâh (ﷻ) ay mayroong dalawang kamay na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan at Kadakilaan, na wala itong kahalintulad na alinman (o tinatawag na ‘*Tasbih*’) at pati sa kung papaano ang pagiging gayon nito[41] (o tinatawag na ‘*Takiyif*’).

Subali’t patuloy lamang na nadaragdagan ang kanilang paglabag at pagtanggi dahil sa kanilang panibugho at pagkainggit, sapagka’t pinili ka ng Allâh (ﷻ) (O Muhammad ﷺ) sa paghahayag ng Kanyang mensahe. At ipinapahayag ng Allâh (ﷻ) na ang mga grupo ng mga Hudyo ay patuloy na maglalaban-laban sa isa’t isa hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay; at sa tuwing sila ay magpapakana laban sa mga Muslim sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ‘*Fitnah*’ (paninira) at pagsisiklab ng apoy ng paglalaban-laban ay ibinabalik ito sa kanila ng Allâh (ﷻ), at pinagwawatak-watak sila; at magpapatuloy ang mga Hudyo sa paggawa ng mga paglabag sa Allâh na magdudulot ng mga katiwalian at pagkasira sa ibabaw ng kalupaan. At ang Allâh (ﷻ), hindi Niya naiibigan ang mga gumagawa ng kasamaan.

[41]Na ito ay angkop lamang sa Kanyang Kamaharlikaan.

65. At kung ang mga Hudyo at mga Kristiyano ay naniwala lamang sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at umiwas sa ipinagbabawal ng Allâh; ay patatawarin sila ng Allâh (ﷻ) sa kanilang mga kasalanan at papapasukin sila sa mga Hardin ng kaligayahan sa Kabilang-Buhay.

66. At kung sinunod lamang nila at isinagawa ang anumang nasa loob ng '*Tawrah*' at '*Injeel*, ' at ang ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ) na Dakilang Qur'ân; ay bibiyayaan sila sa lahat ng pagkakataon at ibababa Namin sa kanila ang ulan at patutubuin Namin ang mga butil, na ito ay gantimpala rito sa daigdig. Subali't mayroon sa mga nagtatangan ng kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano, ang grupo na mga matutuwid at matatatag sa katotohanan, nguni't ang karamihan sa kanila ay masasama ang mga ginagawa at ligaw mula sa Matuwid na Landas.

67. O ikaw, Muhammad na Sugo ng Allâh! Iparating mo ang Rebelasyon na ipinahayag sa iyo mula sa Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, at kapag ikaw ay nagkulang sa iyong pagpaparating ng mensahe at inilihim mo ang ilan sa mga ito; samakatuwid, hindi mo talagang naiparating ang mensahe ng iyong '*Rabb.*'

Subali't katiyakan, ipinarating ni Muhammad ang kabuuan ng mensahe ng kanyang '*Rabb*,' at sinuman ang nagbibintang na inilihim niya ang ilan sa anumang ipinahayag sa kanya; walang pag-aalinlangan, siya na nagbibintang ay nakagawa ng matinding pagsisinungaling laban sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo.

At ang Allâh (ﷻ) ay pinangangalagaan ka, O Muhammad (ﷺ); at tinutulungan ka laban sa iyong mga kalaban at wala kang tungkulin kundi iparating lamang ang mensahe. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), hindi Niya ginagabayan ang sinumang lumihis sa Daan ng Katotohanan at tumanggi sa anuman na iyong dinala mula sa Allâh (ﷻ).

68. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga Hudyo at mga Kristiyano: "*Katiyakan*, *wala kayong mapapala na anuman mula sa* '*Deen*' *hangga't hindi ninyo*

sinusunod ang anumang nilalaman ng ‘*Tawrah*’ *at* ‘*Injeel*,’ *at ang dala sa inyo ni Muhammad* (ﷺ) *na Qur’ân*. *At katiyakan*, *karamihan sa mga nagtatangan ng kasulatan* (*na mga Hudyo at mga Kristiyano*) *ay walang napala sa pagkakapahayag ng Qur’ân kundi pagmamataas at pagtanggi*, *at kinainggitan ka nila dahil sa ipinadala ka ng Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng pagkapahayag Niya sa iyo ng kahuli-hulihang mensahe*, *na siyang naglantad ng kanilang mga kasiraan*; *na kung kaya*, *huwag kang magdalahamti sa kanilang di-paniniwala sa iyo*.”

69. Katiyakan, ang mga yaong naniwala, at saka yaong mga Hudyo, at saka yaong mga ‘*Sâbi`in*’ – na ang ibig sabihin ng mga ‘*Sâbi`in*’ ay yaong mga tao na nasa kalagayan ng ‘*Fitrah*’ (na tama ang kanilang paniniwala subali’t wala silang partikular o natatanging relihiyon na sinusunod), at saka yaong mga Kristiyano na tunay na sumusunod kay `Îsã (Hesus عليه السلام); na sinumang naniwala sa Allâh (ﷻ) mula sa kanila nang buong paniniwala, na ito ay ang paniniwala kay Muhammad (ﷺ) at sa kung ano ang kanyang dala-dala at naniwala sa Kabilang-Buhay, gumawa ng mabuting gawa; ay wala silang katatakutan sa Araw ng Muling Pagkabuhay at wala silang dapat ipangamba sa anuman na kanilang naiwan sa daigdig.

70. Katiyakan, gumawa Kami ng matibay na kasunduan sa mga angkan ni Isrâ`îl ayon sa ‘*Tawrah*’ ng pakikinig at pagsunod, at nagpadala Kami ayon sa kasunduang yaon ng Aming mga Sugo, subali’t sinira nila ang kasunduang yaon, at sa halip ang sinunod nila ay ang kanilang mga sariling pagnanasa.

At sa tuwing may darating sa kanila na Sugo, na ayaw nila ang dala-dala nitong katuruan ay kakalabanin nila ito. Na kung kaya, hindi nila pinaniniwalaan ang iba sa kanilang mga Sugo at ang iba naman ay pinapatay nila.


وَحَسِبُوٓا۟ أَلَّا تَكُونَ فِتْنَةٌ فَعَمُوا۟ وَصَمُّوا۟ ثُمَّ تَابَ ٱللَّهُ
عَلَيْهِمْ ثُمَّ عَمُوا۟ وَصَمُّوا۟ كَثِيرٌ مِّنْهُمْ ۚ وَٱللَّهُ بَصِيرٌۢ بِمَا
يَعْمَلُونَ ﴿٧١﴾ لَقَدْ كَفَرَ ٱلَّذِينَ قَالُوٓا۟ إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ
ٱلْمَسِيحُ ٱبْنُ مَرْيَمَ ۖ وَقَالَ ٱلْمَسِيحُ يَٰبَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ٱعْبُدُوا۟
ٱللَّهَ رَبِّى وَرَبَّكُمْ ۖ إِنَّهُۥ مَن يُشْرِكْ بِٱللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ ٱللَّهُ عَلَيْهِ
ٱلْجَنَّةَ وَمَأْوَىٰهُ ٱلنَّارُ ۖ وَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ ﴿٧٢﴾
لَّقَدْ كَفَرَ ٱلَّذِينَ قَالُوٓا۟ إِنَّ ٱللَّهَ ثَالِثُ ثَلَٰثَةٍ ۘ وَمَا مِنْ
إِلَٰهٍ إِلَّآ إِلَٰهٌ وَٰحِدٌ ۚ وَإِن لَّمْ يَنتَهُوا۟ عَمَّا يَقُولُونَ لَيَمَسَّنَّ
ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنْهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٧٣﴾ أَفَلَا يَتُوبُونَ
إِلَى ٱللَّهِ وَيَسْتَغْفِرُونَهُۥ ۚ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٧٤﴾
مَّا ٱلْمَسِيحُ ٱبْنُ مَرْيَمَ إِلَّا رَسُولٌ قَدْ خَلَتْ مِن قَبْلِهِ
ٱلرُّسُلُ ۖ وَأُمُّهُۥ صِدِّيقَةٌ ۖ كَانَا يَأْكُلَانِ ٱلطَّعَامَ ۗ
ٱنظُرْ كَيْفَ نُبَيِّنُ لَهُمُ ٱلْءَايَٰتِ ثُمَّ ٱنظُرْ أَنَّىٰ
يُؤْفَكُونَ ﴿٧٥﴾ قُلْ أَتَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا
يَمْلِكُ لَكُمْ ضَرًّا وَلَا نَفْعًا ۚ وَٱللَّهُ هُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٧٦﴾

71. At iniisip ng mga lumabag na sila ay hindi paparusahan ng Allâh (ﷻ) bilang kabayaran ng kanilang pagsuway at pagtanggi; na kung kaya, patuloy sila sa pagsunod sa kanilang pagnanasa. Samakatuwid, sila ay binulag mula sa patnubay at naging bingi na walang kakayahang marinig ang katotohanan, na kung kaya, hindi nila ito napakinabangan; na dahil sa ganoong kadahilanan ay ipinadala ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang kaparusahan sa kanila at saka pa lamang sila nagsisi pagkatapos noon, at pinatawad naman sila ng Allâh (ﷻ) nguni't pagkatapos muli noon ay naging bulag at naging bingi na naman ang karamihan sa kanila pagkatapos na maging malinaw sa kanila ang katotohanan

At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Baseer***' – Ganap na Nakakakita na Nababatid Niya ang lahat ng kanilang mga ginagawa, na walang anuman ang naililihim sa Kanya, mabuti man ito o masama. At sila ay tutumbasan Niya ayon sa pagkakabatid na ito.

72. Sumusumpa ang Allâh (ﷻ) na ang mga yaong nagsasabing: "*Ang Allâh* (ﷻ), *Siya ay si Al-Masih* (*ang Messiah – Kristo Hesus* (عليه السلام)) *na anak ni Maryam* (*Maria*), *ay walang pag-aalinlangan*, *sila ay lumabag at naging walang pananampalataya dahil sa mga salita nilang ito*."

Gayong ipinahayag ng Allâh (ﷻ) na sinabi ni '*Al-Masih*' sa mga angkan ni Isrâ`îl: "*Sambahin ninyo ang Allâh* (ﷻ) *na Nag-iisa at Bukod-tangi*, *na Siya ay walang katambal*, *na ako at kayo ay pareho sa pagiging alipin at pagsamba sa Allâh*."

Katiyakan, ang sinumang sasamba ng iba bukod sa Allâh ay ipinagbawal sa kanya ng Allâh (ﷻ) ang '*Al-Jannah*' (Hardin), at inilaan sa kanya ang Impiyerno na kanyang patutunguhan, at walang sinuman ang makatutulong sa kanya para makaligtas mula roon (sa Impiyernong yaon) .

73. Katiyakan, itinuturing na hindi mananampalataya mula sa mga Kristiyano ang sinumang nagsabing: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ay kabilang sa tatlong persona*: *na ito ay ang ama*, *ang anak at ang banal na espiritu*." Hindi ba alam ng mga Kristiyano

na walang sinuman ang nararapat sambahin ng mga tao kundi ang Bukod-Tangi at Nag-iisa lamang, na hindi nanganak at hindi ipinanganak.

At kapag hindi tumigil ang mga nagsasabi nito sa kanilang pag-aangkin at pagsisinungaling ay darating sa kanila ang masidhing kaparusahan dahil sa paglabag nila sa Allâh.

74. Hindi ba sila na mga Kristiyano ay nagnanais na manumbalik sa Allâh (ﷻ), at magsisi sa kanilang maling pag-aangkin, at hilingin nila ang kapatawaran sa Allâh (ﷻ)? Sapagka't ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng mga nagsisisi, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

75. Si '***Al-Masih***' (ang Messiah – Kristo Hesus عليه السلام) na anak ni Maryam ay hindi hihigit sa pagiging Sugo, at maraming mga Sugo ang nauna kaysa sa kanya. At ang kanyang ina ay naniwala nang may ganap na pagtitiwala, at silang dalawa ay katulad ng sinumang tao na nangangailangan ng pagkain, at hindi kailanman maaaring maging '***ilâh***' (o diyos na sinasamba) ang sinumang nangangailangan ng pagkain para mabuhay. Na kung gayon, pagmasdan mo, O Muhammad (ﷺ), ang katayuan nila na mga walang pananampalataya.

Walang pag-aalinlangan, ipinaliwanag Namin ang mga palatandaan na nagpapatunay sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ); at walang saysay ang kanilang inaangkin laban sa mga Propeta ng Allâh. At bukod pa roon, sila ay naligaw mula sa katotohanan na iginagabay Namin sa kanila,

Na kung kaya, pagmasdan mong muli kung papaano silang lumihis mula sa katotohanan pagkatapos ng pagkakapahayag na ito?

76. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga walang pananampalataya: "*Paano ninyo sinasamba ang iba bukod sa Allâh*, *na hindi man lang kayo kayang ipahamak*, *at lalong hindi niya kayo kayang bigyan ng kapakinabangan? At ang Allâh* (ﷻ), *Siya ay* '***As-Samee`***' *– ang Ganap na Nakakarinig sa sinasabi ng Kanyang mga alipin*, *na* '***Al-`Aleem***' *– ang Ganap na Nakaaalam ng kanilang mga kalagayan.*"



77. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga Kristiyano: "*Huwag kayong magmalabis sa katotohanan hinggil sa inyong paniniwala kay* ***Al-Masih `Îsã Ibnu Maryam*** (*Kristo Hesus na Anak ni Maria* عليه السلام), *huwag ninyong sundin ang inyong pagnanasa na katulad ng pagsunod ng mga Hudyo sa kanilang pagnanasa hinggil sa kanilang relihiyon*, *na dahil doon ay napunta sila sa pagkaligaw at itinulak nila ang karamihan na mga tao tungo sa paglabag sa Allâh*, *at lumabas sila sa Matuwid na Landas patungo sa Daan ng Pagkaligaw*."

78. Ipinapahayag ng Allâh (ﷻ), na Kanyang isinumpa at inilayo sa Kanyang awa ang mga walang pananampalataya mula sa angkan ni Isrâ`îl, na ito ay nakasaad sa Aklat na Kanyang ipinahayag kay Dâwood (Propeta David عليه السلام) na '***Az-Zabour***' at ganoon din sa Aklat na Kanyang ipinahayag kay `Îsã (Hesus عليه السلام) na '***Al-Injeel***' (Ebangheliyo), dahil sa kanilang katapangan na lumabag at gawin ang mga ipinagbabawal ng Allâh.

79. Sila na mga Hudyo ay inilalantad nila ang kanilang paglabag at ito ay kanila pang ikinasisiya; at hindi nila pinagbabawalan sa isa't isa ang kanilang mga sarili hinggil sa mga masasama na kanilang ginagawa, at ito ang napakasama nilang pag-uugali at dahil dito sila ay karapat-dapat sa sumpa ng Allâh.

80. Makikita mo, O Muhammad (ﷺ), na karamihan sa kanila na mga Hudyo ay itinuturing ang mga '*Mushrikin*' bilang kanilang kaanib. At napakasama ang pakikipag-anib na ginawa nila sa mga '*Mushrikin*,' na naging sanhi ng pagkapoot ng Allâh (ﷻ) laban sa kanila; at pagpapanatili nila sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

81. At kung sila na mga Hudyo na nakikipagtulungan sa mga '*Mushrikin*' ay naniwala lamang sa Allâh (ﷻ), at sa Kanyang Propetang si Muhammad (ﷺ) at pinaniwalaan ang anumang ipinahayag sa kanya na Dakilang Qur'ân; ay hindi nila maituturing ang mga walang pananampalataya bilang kaanib at tagapagtaguyod; subali't ang karamihan sa kanila ay naghimagsik at lumabag sa Allâh, at sa Kanyang Sugo.

82. Walang pag-aalinlangan na makikita mo, O Muhammad (ﷺ), ang taong napakatindi ang kapootan sa mga mananampalataya ay ang mga Hudyo; na kinakalaban nila ang mga yaong naniniwala sa iyong pagka-Propeta at sumusunod sa iyo; dahil sa kanilang paghihimagsik, pagmamatigas at pagtanggi sa katotohanan.

At ganoon din ang mga yaong nagtatambal o sumasamba sa iba bukod sa Allâh – '*Mushrikin*,' na tulad ng mga sumasamba sa mga rebulto at iba pa.

At makikita mo naman ang pinakamalapit sa kanila na mga mananampalataya, sa pagmamahal ay ang mga yaong nagsasabing: "***Kami ay mga Kristiyano***," dahil mayroon sa kanila ang maalam sa kanilang relihiyon, na hindi nila labis na pinapahalagahan ang makamundong buhay, at tapat na sumasamba sa kanilang mga bahay-dalanginan, at sila ay mapagpakumbaba at hindi nagmamataas sa pag-amin ng katotohanan; at sila ang mga yaong tinanggap ang mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ) at kanilang pinaniwalaan.

83. At ang tanda ng kanilang pagmamahal sa mga mananam-palataya ay noong mayroong isang grupo mula sa kanila na taga-Abyssinia na narinig ang Kabanal-banalan na Qur'ân, ay umapaw ang kanilang mga luha sa kanilang mga mata; na tiniyak nila na ang kapahayagang yaon ay katotohanang nagmula sa Allâh (ﷻ).

At sila ay naniwala, sumuko sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo; at hiniling nila ang karangalan sa pamamagitan ng pagtestigo na kasama ang sambayanan ni Propeta Muhammad sa mga sambayanan sa Araw ng Muling pagkabuhay.

84. At kanilang sinabi: "*Paano tayo sisisihin sa ating paniniwala sa Allâh at sa paniniwala natin sa katotohanang dinala sa atin ni Muhammad* (ﷺ) *mula sa Allâh* (ﷻ) *at sa pagsunod natin sa kanya. At hinihiling natin sa ating* '*Rabb*' *na tanggapin Niya tayo sa Kanyang* '*Al-Jannah*' (*Hardin*), *kasama ng mga yaong sumunod sa Kanya*, *sa Araw ng Muling Pagkabuhay?*"

85. Na kung kaya, ginantimpalaan sila ng Allâh (ﷻ) ng mga Hardin na may umaagos na mga ilog sa ilalim ng mga puno, dahil sa ikinararangal nilang sabihin ang kanilang paniniwala sa Islâm, at sa kanilang paghiling na mapabilang sila sa mga taong mababuti, na sila ay mananatili roon, na hindi na sila lalabas pa roon magpakailanman at hindi na sila aalisin pa roon, at ito ang naging kapalit ng kanilang pagiging mabuti sa salita at gawa.

86. At sa mga yaong tumanggi sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at pinasinungalingan ang Kanyang mga talata na ipinahayag sa mga Sugo, sila ang mga taong maninirahan sa Impiyerno at doon sila mananatili magpasawalang-hanggan.

87. O kayong mga naniwala sa Allâh! Huwag ninyong ipagbabawal ang mga mababuting ipinahintulot sa inyo ng Allâh (ﷻ) na mga pagkain, mga inumin at pag-aasawa ng mga kababaihan; dahil mahihigpitan ninyo ang anumang niluwagan ng Allâh para sa inyo. At huwag kayong magmamalabis sa

pamamagitan ng paglabag sa hangganang pagbabawal na itinakda ng Allâh (ﷻ); dahil ang Allâh (ﷻ), hindi Niya naiibigan ang mga nagmamalabis.

88. Magsaya kayo, O kayong mga mananampalataya sa pamamagitan ng mga mababuti (malilinis) at mga ipinahihintulot sa inyo mula sa mga ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ); katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal, dahil ang paniniwala sa Allâh (ﷻ) ay magdudulot sa inyo ng tunay na pagkatakot.

89. Hindi kayo paparusahan ng Allâh (ﷻ), O kayong mga Muslim, sa mga hindi ninyo sinasadyang panunumpa na katulad ng pagsabi ng iba sa inyo na: "*Hindi! Sumusumpa ako sa Allâh*" o "*Oo! Sumusumpa ako sa Allâh*," subali't paparusahan kayo sa mga sinadya ninyong panunumpa na totoo sa inyong mga puso.

Kapag hindi ninyo natupad ang pangako na may kasamang panunumpa, mapapatawad ito ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsasagawa sa ipinag-utos sa inyo ng Allâh (ﷻ) bilang panghalili na kabayaran: na pagpapakain ng sampung mahihirap, na sa bawa't mahirap ay kalahating salop (isa't kalahating kilo) mula sa pangkaraniwang kinakain sa inyong lugar; o di kaya ay damitan ninyo ang bawa't isa nang sapat na kasuotan; o di kaya ay magpalaya kayo ng isang alipin. Sa tatlong bagay na ito pipili ang isang nangako na may kasamang panunumpa na hindi niya natupad. At sinuman ang hindi makakayanan na gawin ang kahit na ano sa mga ito, ay obligado sa kanya ang mag-ayuno ng tatlong araw. Ito ang mga panghalili sa di-natupad na mga sinumpaang pangako.

Pangalagaan ninyo, O kayong mga Muslim, ang inyong mga sinumpaang pangako: sa pamamagitan ng pag-iwas ng panunumpa; o di kaya ay pagtupad nito kapag kayo ay sumumpa; o di kaya ay pagsagawa ng panghalili nito kapag ito ay hindi ninyo natupad.

At katulad ng ginawang pagpapahayag ng batas ng Allâh (ﷻ) sa inyo hinggil sa sinumpaang pangako at sa pagkalas mula rito; ay ipinapahayag Niya sa inyo ang mga batas ng Kanyang '*Deen*' upang magpasalamat kayo sa Kanya sa Kanyang paggabay sa inyo tungo sa Matuwid na Landas.

90. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Katiyakan, ang '*Al-Khamr*' na ito ay ang lahat ng mga nakalalasing na bagay na sinasarahan ang pag-iisip; at '*Al-Maysir*' – ang pagsusugal na kasama rito ang lahat ng uri ng pustahan at ang katumbas ng lahat ng ginagawa na may pustahan sa magkabilang panig; at hina-hadlangan ang mga tao sa pagpuri sa Allâh (ﷻ).

Gayundin ang '*Al-Anzab*' – isang altar na bato na itinuturing na sagrado na kung saan doon nila isinasagawa ang pagkatay ng mga hayop bilang pagdakila sa altar na yaon, at ang lahat ng uri ng mga inanyuang bagay na itinayo para sambahin.

At '*Al-Azlâm*' – ang mga uri ng pana na itinuturing na sagrado ng mga walang pananampalataya, na bago sila magpasiya ng isang bagay o bago nila itigil ang isang bagay ay isinasagawa muna nila ito. Isusulat nila sa bawa't pana ang kanilang mga ipapasiya, at pagkatapos ay pipili sila ng isa mula rito, at kung ano ang nakasulat doon sa napili nilang pana ay yaon ang ipapasiya nila.

Katiyakan, ang lahat ng mga bagay na ito ay kasalanang mula sa mga panghalina ni '*Shaytân*,' na kung kaya, layuan ninyo ang mga kasalanang ito nang sa gayon ay magtagumpay kayo ng '*Al-Jannah*' (Hardin).

91. Katiyakan, ang nais lamang ni '*Shaytân*' ay pagandahin sa inyo ang mga kasalanan, upang pukawin ang inyong poot sa isa't isa, at maglaban-laban kayo sa pamamagitan na mga nakalalasing na inumin, at paglalaro ng mga sugal; at ilalayo kayo sa pagpuri sa Allâh (ﷻ) at sa pagsa-'*Salah*,' dahil sa pagkasara ng inyong mga kaisipan sa pamamagitan ng pag-inom ng mga nakalalasing at sa walang kabuluhan na pagkakaabala ninyo sa pagsusugal; na kung kaya, itigil ninyo ang mga ito.

92. Sumunod kayo, O kayong mga Muslim sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ), sa lahat ng inyong mga gawain at saka sa dapat ninyong iwasan; at katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) at maging maingat kayo sa inyong mga ginagawa, at kapag kayo ay tumalikod sa pagsunod at ginawa ninyo ang mga

ipinagbabawal sa inyo, dapat ninyong mabatid na ang tungkulin lamang ng Aming Sugo na si Muhammad (ﷺ) ay magpahayag sa pinakamalinaw na pamamaraan.

93. Walang kasalanan ang mga may pananampalataya na nakainom ng mga nakalalasing bago ito ipinagbawal, at pagkatapos ay iniwasan nila ito at natakot sila sa pagkapoot ng Allâh (ﷻ) at naniwala sila sa Kanya; at gumawa sila ng mga mababuting gawa na nagpapatunay ng kanilang paniniwala, at sa kanilang pag-aasam na mahalin sila ng Allâh (ﷻ); na hinigitan pa nila ang kanilang pagiging maingat nang alang-alang sa Allâh (ﷻ) at ang kanilang paniniwala sa Kanya, hanggang sa sambahin nila ang Allâh (ﷻ) sa pamamaraan na may katiyakang paniniwala sa kanilang isipan na parang nakikita nila ang Allâh (ﷻ) dahil sa labis nilang pagsunod sa lahat ng Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa lahat ng Kanyang mga ipinagbabawal. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay nagmamahal sa mga yaong umabot ang antas ng kanilang paniniwala sa '*Ihsan*,' na ang kanilang paniniwala sa di-nakikita ay naging katulad ng paniniwala sa nakikita

94. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Walang pag-aalinlangan na susubukin kayo ng Allâh (ﷻ) habang kayo ay nakasuot ng '*Ihrâm*' sa isang bagay na katulad ng pangangaso – lumalapit sa inyo nang hindi inaasahan ang maiilap na hayop, o di kaya ay mga ibon na kaya ninyong hulihin ang mga maliliit nito kahit na wala kayong sandata at ang mga malalaki nito sa pamamagitan ng paggamit ng sandata; nang sa gayon, maipabatid ng Allâh (ﷻ) sa mga tao ang sinumang natatakot sa kanyang '*Rabb*' nang lihim, dahil sa kanilang tiyak na paniniwala na ang Allâh (ﷻ) sa kabuuan ay katiyakang Nakababatid ng lahat; na dahil dito ay iiwasan nila ang pangangaso sapagka't sila ay nasa kalagayan ng '*Ihrâm*.'

At sinuman ang lalabag sa batas ng Allâh (ﷻ) pagkatapos itong maipaliwanag na ito ay ipinagbabawal at gumawa pa rin ng pangangaso, walang pag-aalinlangan siya ay karapat-dapat sa masidhing kaparusahan.

95. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Huwag kayong pumatay ng mga maiilap na hayop habang kayo ay nasa kalagayan ng '*Ihrâm*,' sa '*Hajj*' man o ``*Umrah*.' At sinuman ang pumatay ng kahit na anong uri ng maiilap na hayop, na ito ay sinadya; ang kabayaran na kanyang gagawin ay mag-aalay siya ng katulad ng bilang na kanyang napatay na mailap na hayop mula sa mga sumusunod na hayop: kamelyo, baka o kaya ay kambing, na ito ay pagpapasiyahan ng dalawang matutuwid na tao mula sa inyo, at ito ay ipamamahagi niya sa mga mahihirap sa '*Haram*' (sa Makkah o kaya ay sa mga lugar na nasasakupan nito).

At kapag wala siyang matagpuan na kahit na alinman sa mga nabanggit na hayop ay nararapat sa kanya na bumili ng pagkain na ang halaga ay katumbas ng isa sa mga nabanggit na hayop, at pagkatapos ito ay kanyang ipamamahagi sa mga

mahihirap sa '*Haram*;' o di kaya ay mag-ayuno siya bilang panghalili roon, na sa bawa't kalahating salop ay isang araw na pag-aayuno.

Ito ang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa inyo bilang kabayaran, nang sa gayon ay matamo ng sinuman sa inyo na nakagawa nito ang kabayaran sa kanyang ginawa. At sinuman ang nakagawa ng alinman sa mga nabanggit bago ito ipinagbawal ng Allâh (ﷻ) ay pinatawad na sila, at sinuman ang sadyang lalabag nito matapos itong ipinagbawal; walang pag-aalinlangan, haharap siya sa paghihiganti ng Allâh. At ang Allâh (ﷻ) ang '***`Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang Kaharian at kabilang sa Kanyang kapangyarihan ay ang paghihiganti Niya sa sinuman na lalabag sa Kanya batay sa Kanyang kagustuhan at walang sinuman ang makapipigil sa Kanya.

96. Ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) sa inyo, O kayong mga Muslim, habang kayo ay nasa kalagayan ng '*Ihrâm*,' ang mangisda o manghuli ng mga anumang nabubuhay sa karagatan at pagkain mula sa mga anumang namatay mula rito; na ito ay para sa kapakinabangan ninyo sa inyong mga sarili, nasa sa inyu-inyo man kayong mga bayan o kayo ay nasa paglalakbay; magkagayunpaman, ipinagbabawal sa inyo ang pangangaso sa kalupaan habang kayo ay nasa kalagayan ng '*Ihrâm*,' '*Hajj*' man ito o ''*Umrah*.'

At katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod o pagsagawa sa lahat ng Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa lahat ng Kanyang ipinagbabawal, hanggang sa makamtan ninyo ang Kanyang dakilang gantimpala at maligtas kayo mula sa Kanyang matinding kaparusahan sa Araw na kayo ay titipunin upang hukuman at pagbabayarin.

97. Pinagkalooban ng Allâh (ﷻ) ng kagandahang-loob ang Kanyang mga alipin sa pamamagitan ng pagsagawa ng '*Ka`bah*' bilang Sagradong Tahanan (ng pagsamba sa Allâh), na ito ay kabutihan sa kanilang '*Deen*' at kaligtasan sa kanilang pamumuhay dahil sa naniwala sila sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at isinagawa nila ang mga kautusan, at sa pagbabawal ng Allâh (ﷻ) ng paglalaban-laban at pagpapatayan sa mga Sagradong Buwan (na ito ay ang mga buwan ng '*Dhul Qa`dah*,' '*Dhul Hijjah*,' '*Muharram*' at '*Rajab*').

Na kung kaya, hindi maaaring galawin o saktan ng sinuman ang mga naroroon (sa '*Haram*' na yaon), at ipinagbabawal din na pakialaman ang mga dinalang hayop na inilaan para sa pag-aalay sa lugar ng '*Haram*;' at ganoon din sa mga hayop na may mga nakasabit na kuwintas sa mga leeg nito bilang tanda na ito ay inihanda para katayin bilang '*Hadi*' o pag-aalay (sa Allâh);

At ito ay upang mabatid ninyo na ang Allâh (ﷻ) ay Siyang Ganap na Nakaaalam ng mga nasa kalangitan at ng nasa kalupaan, at kabilang dito ay ang Kanyang pag-aatas ng pangangalaga sa Kanyang nilikha at pagiging maingat sa isa't isa.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam ng lahat ng bagay at walang anuman ang maililihim sa Kanya.

98. Dapat ninyong mabatid, O kayong mga tao, na ang Allâh (ﷻ) ay matindi sa Kanyang pagpaparusa sa sinumang lalabag sa Kanya; at katiyakan din na ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa sinumang nagsisi at nagbalik-loob.

99. Ipinaliliwanag ng Allâh (ﷻ), na ang tungkulin ng Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ) ay pagpaparating lamang ng mensahe at paghahayag, at nasa Kamay ng Allâh (ﷻ) na Nag-iisa ang paggagabay; at kung anuman ang nasa kalooban ng mga tao na kanilang inililihim o inilalantad na gabay o pagkaligaw, ay ganap ito na Nababatid ng Allâh (ﷻ).

100. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Hindi maaaring magkatulad ang mga maruruming bagay at saka ang mga malilinis na bagay sa lahat ng pagkakataon. Na kung kaya*, *hindi maaaring magkatulad ang mananampalataya at ang walang pananampalataya*; *at ang sumusuway ay hindi maaaring maging katulad ng sumusunod*; *ang mangmang ay hindi maaaring maging katulad ng marunong*; *ang gumagawa ng mga* '*bid`ah*' *ay hindi maaaring kaparehas ng sumusunod sa* '*Sunnah*;' *at ang yaman na mula sa ilegal ay hindi maaaring kaparehas ng yaman na kinita mula sa tamang pamamaraan*; *kahit na kaiga-igaya sa iyo*, *O tao*, *ang dami ng masasama at ang mga gumagawa nito*."

Na kung kaya, katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ), O kayo na mga nagtatangan ng mga matitinong pag-iisip sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga kasamaan at pagsasagawa ng mga kabutihan, nang sa gayon makamit ninyo ang dakilang tagumpay na inyong hinahangad, na ito ay ang pagmamahal ng Allâh (ﷻ) at pagkakamit ng Kanyang '*Al-Jannah*' (Hardin).

101. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Huwag na ninyong itanong ang mga bagay na tungkol sa '*Deen*' kung walang anumang ipinag-utos hinggil dito; katulad ng pagtatanong sa mga bagay na hindi pa nangyari, o di kaya ay ang mga bagay na kapag nangyari ay magiging dahilan ng paghihigpit sa batas, na kung ito ay iuutos sa inyo ay mahihirapan kayo, na kung ito ay itinanong ninyo noong kapanahunan ng Propeta, sa panahong ipinapahayag pa ang Dakilang Qur'ân, ay katiyakang ipaliliwanag ito sa inyo; at maaaring ito ay iutos sa inyo subali't ito ay hindi ninyo makakayanan, na kung ito ay pinabayaan na ng Allâh (ﷻ) ay sa kadahilanang bilang awa Niya sa Kanyang mga alipin.

At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin kapag sila ay nagsisi, na '***Haleem***' – Ganap at Napakalawak ang Kanyang Pang-unawa at hindi Siya nagpaparusa kapag sila ay nanumbalik sa Kanya.

102. At ang katulad ng mga ganitong katanungan ay naitanong na ng mga naunang tao sa kanilang mga Sugo, subali't noong sila ay inutusan, ay tumanggi sila at hindi sila sumunod; na kung kaya, maging maingat kayo upang hindi kayo mapatulad sa kanila.

103. Hindi iniutos ng Allâh (ﷻ) sa mga '*Mushrikin*' ang ginawa nilang pagbabago sa '*Deen*' o Relihiyon, hinggil sa mga hayop na hindi nila pinakikinabangan ang mga bahagi nito at ito ay iniaalay nila sa mga rebulto, na tulad ng '*Bahĩrah*' (na ito ay isang babaing kamelyo na pinuputulan ng tainga kapag ito ay nanganak nang marami at ang gatas nito ay iniaalay sa mga idolo at walang sinuman ang pinahihintulutan na maggatas nito); at ang '*Sã-`i-bah*' (na ito ay isang babaing kamelyo na malayang pinakakawalan sa pastulan na inilalaan para sa pag-aalay sa mga idolo, at hindi ito pinahihintulutan na magpasan o magkarga ng kahit na ano); at ang '*Wasĩlah*' (na isang babaing kamelyo na pinakawalan para sa mga idolo dahil sa nanganak ito ng dalawang magkakasunod na panganganak na babaing kamelyo); at ang '*Hãm*' – (na ito naman ay isang lalaking kamelyo na bibigyang-laya at hindi na gagamitin sa mga gawain, kapag nakapagpanganak ito ng maraming kamelyo batay sa itinakda nilang bilang para rito).

Subali't ang mga walang pananampalataya, inaangkin nila na ito ay mula sa Allâh (ﷻ) bilang pagsisinungaling laban sa Kanya, at karamihan sa mga walang pananampalataya ay hindi nila nakikilala ang katotohanan mula sa kasinungalingan.



وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ تَعَالَوْا إِلَىٰ مَا أَنزَلَ اللَّهُ وَإِلَى الرَّسُولِ قَالُوا
حَسْبُنَا مَا وَجَدْنَا عَلَيْهِ آبَاءَنَا ۚ أَوَلَوْ كَانَ آبَاؤُهُمْ لَا يَعْلَمُونَ
شَيْئًا وَلَا يَهْتَدُونَ ﴿١٠٤﴾ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا عَلَيْكُمْ أَنفُسَكُمْ ۖ
لَا يَضُرُّكُم مَّن ضَلَّ إِذَا اهْتَدَيْتُمْ ۚ إِلَى اللَّهِ مَرْجِعُكُمْ جَمِيعًا
فَيُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿١٠٥﴾ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا شَهَادَةُ
بَيْنِكُمْ إِذَا حَضَرَ أَحَدَكُمُ الْمَوْتُ حِينَ الْوَصِيَّةِ اثْنَانِ ذَوَا
عَدْلٍ مِّنكُمْ أَوْ آخَرَانِ مِنْ غَيْرِكُمْ إِنْ أَنتُمْ ضَرَبْتُمْ فِي الْأَرْضِ
فَأَصَابَتْكُم مُّصِيبَةُ الْمَوْتِ ۚ تَحْبِسُونَهُمَا مِن بَعْدِ الصَّلَاةِ
فَيُقْسِمَانِ بِاللَّهِ إِنِ ارْتَبْتُمْ لَا نَشْتَرِي بِهِ ثَمَنًا وَلَوْ كَانَ ذَا قُرْبَىٰ ۖ
وَلَا نَكْتُمُ شَهَادَةَ اللَّهِ إِنَّا إِذًا لَّمِنَ الْآثِمِينَ ﴿١٠٦﴾ فَإِنْ عُثِرَ عَلَىٰ
أَنَّهُمَا اسْتَحَقَّا إِثْمًا فَآخَرَانِ يَقُومَانِ مَقَامَهُمَا مِنَ الَّذِينَ
اسْتَحَقَّ عَلَيْهِمُ الْأَوْلَيَانِ فَيُقْسِمَانِ بِاللَّهِ لَشَهَادَتُنَا أَحَقُّ
مِن شَهَادَتِهِمَا وَمَا اعْتَدَيْنَا ۖ إِنَّا إِذًا لَّمِنَ الظَّالِمِينَ ﴿١٠٧﴾ ذَٰلِكَ
أَدْنَىٰ أَن يَأْتُوا بِالشَّهَادَةِ عَلَىٰ وَجْهِهَا أَوْ يَخَافُوا أَن تُرَدَّ أَيْمَانٌ بَعْدَ
أَيْمَانِهِمْ ۗ وَاتَّقُوا اللَّهَ وَاسْمَعُوا ۗ وَاللَّهُ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الْفَاسِقِينَ ﴿١٠٨﴾

104. At kapag sinabi sa kanila na mga walang pananampalataya na nagbabawal sa mga ipinahintulot ng Allâh (ﷻ): "*Halina sa ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang Sugo nang sa gayon ay maging malinaw sa inyo ang ipinahintulot sa ipinagbawal.*" Kanilang sasabihin, "*Sapat na sa amin ang anumang natutunan namin sa aming mga magulang na mga salita at gawa*, *sinasabi ba nila ito kahit na ang kanilang mga magulang ay walang kaalam-alam*, *na ang ibig sabihin ay hindi nila naintindihan ang katotohanan*, *hindi nila ito alam at hindi sila nagabayan tungo rito? At paano nila sinusunod ang kanilang magulang kung ganito ang situwasyon* (*o kalagayan*)*? Kung gayon*, *walang sinuman ang sumusunod sa kanila* (*na ligaw*) *kundi siya na higit pa ang pagiging kamangmangan at pagkaligaw kaysa sa kanila*."

105. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Panatilihin ninyo ang inyong mga sarili sa pagsagawa ng ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) at pag-iwas sa paglabag sa Kanya; at kayo ay manatili rito kahit na ang mga tao ay hindi maniniwala (o susunod) sa inyo; at kung ito ay inyong nagawa ay hindi kayo mapapahamak sa pagkaligaw ng mga naligaw, kung kayo ay nanatili sa Matuwid na Landas at ipinag-utos ninyo ang pagsagawa ng mabuti at ipinagbawal ang pagsagawa ng masama. Kayong lahat ay patungo sa Allâh (ﷻ) sa Kabilang-Buhay, at sasabihin ng Allâh (ﷻ) sa inyo kung anuman ang inyong nagawa at ayon dito (sa inyong ginawa) kayo ay tutumbasan.

106. O kayo na naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Kapag malapit na ang kamatayan ng isa sa inyo, ay magpatestigo siya sa kanyang habilin sa pamamagitan ng dalawang mapagkakatiwalaan mula sa mga Muslim o kaya ay dalawang di-Muslim kung kinakailangan dahil sa walang sinumang Muslim ang nandoroon na maaaring tumestigo; patestiguhin ninyo silang dalawa kapag kayo ay nasa paglalakbay at nangyari sa inyo ang pagkamatay, at kung nag-aalinlangan kayo sa kanilang testigo ay patayuin ninyo sila pagkatapos ng '*Salâh*' (dasal), lalung-lalo na pagkatapos ng '*Salâtul `Asr*' at pasusumpain silang dalawa sa

Allâh nang taimtim na hindi sila tatanggap ng anuman bilang kapalit ng makamundong bagay, at hindi papanig ang sinuman sa kanilang dalawa dahil sa pagiging kamag-anak at hindi nila ililihim ang testigong ginawa nila sa harapan ng Allâh (ﷻ); at kapag nagawa o nilabag nilang dalawa ito, sila kung gayon ay mapapabilang sa mga makasalanan.

107. At kapag napag-alaman ng pamilya ng namatay, na ang dalawang nabanggit ay nagkasala dahil sa pagsira nila sa kasunduan na kanilang pinagtestiguhan o di kaya ay sa habilin; maglagay ng panibagong testigo na ipapalit sa kanilang lugar (puwesto) mula sa pamilya noong namatay at pasumpain ang dalawang yaon nang ganito: "*Ang testigo namin ay totoo at karapat-dapat na tanggapin kaysa sa testigo na kasinungalingan noong dalawa*, *at hindi namin lalampasan ang katotohanan sa aming pagtestigo*, *kung kami ay lalampas at titestigo kami nang wala sa katotohanan ay magiging kabilang kami sa mga* '*dzâlimin*' *na lumampas sa hangganang itinakda ng Allâh* (ﷻ)."

108. Ito ang batas na panunumpa na ginagawa pagkatapos ng '*Salâh*' kapag may pag-aalinlangan sa pagtestigo ng dalawang nauna na hindi tinanggap ang kanilang pagtestigo, ang pinakamalapit sa pagsasagawa ng pagtestigo sa katotohanan sa sinumang natatakot sa kaparusahan sa Kabilang-Buhay, o di kaya ay nangangamba na baka tanggihan ng mga may karapatan ang di-totoong panunumpa ng mga sumumpa at mapahiya ang nagsinungaling kapag tinanggihan ang kanyang panunumpa sa oras na ibinunyag ang kanyang pandaraya.

Katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ), O kayong mga tao at maging maingat kayo sa Kanya sa pamamagitan ng di-panunumpa ng kasinungalingan, dahil baka makakuha kayo ng kayamanan na '*Haram*'[42] sa pamamagitan ng inyong panunumpa, pakinggan ninyo samakatuwid, ang mga ipinayo sa inyo. At ang Allâh (ﷻ), hindi Niya ginagabayan ang mga taong '*Fâsiqin*' (mga sumuway at naghimagsik).

[42]Na ang ibig sabihin ay baka makakuha kayo ng kayamanan na bawal o sa di makatarungang pamamaraan dahil lalabas na ito ay pandaraya.

109. At alalahanin ninyo, O kayong mga tao ang Araw ng Muling Pagkabuhay, ang Araw na kung saan titipunin Niya ang lahat ng mga Sugo at tatanungin sila kung ano ang naging tugon ng kanilang mga sambayanan, noong sila ay hinikayat nila sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ). At sila ay sasagot: "*Wala kaming alam dahil kami*, *hindi namin batid kung ano ang nasa kalooban ng mga tao at kung ano ang kanilang ginawa pagkatapos namin. Katiyakan! Ikaw*, *O Allâh* (ﷻ), *ang Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay*, *nakalantad man ito o lihim*."

110. (Tandaan) kapag sasabihin ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "*O `Îsã* (*Hesus* عليه السلام) *na anak ni Maryam! Alalahanin mo ang Aking kagandahang-loob sa iyo*, *noong nilikha kita na walang ama at noong pinili Ko ang iyong ina kaysa sa lahat ng mga kababaihan sa buong sangkatauhan*, *at siya ay ipinagtanggol Ko laban sa anumang ibinibintang sa kanya*;

"*At kabilang sa mga kagandahang-loob na ito kay `Îsã* (عليه السلام) *ay ang pagkakaloob sa kanya ng lakas at tulong sa pamamagitan ni Anghel Jibril* (عليه السلام), *ang pagsasalita niya sa mga tao noong siya ay isang batang sanggol pa lamang*; *at noong siya ay nasa husto nang gulang*, *na sila ay hinikayat niya tungo sa Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng anumang inihayag sa kanya ng Allâh* (ﷻ) *na hinggil sa* '*Tawheed*' (*Kaisahan ng Allâh*);

"*At kabilang din* (*sa kagandahang-loob na ito*), *ay tinuruan siya ng Allâh* (ﷻ) *ng pagsulat nang walang* (*taong*) *tagapagturo*, *at pinagkalooban siya ng lakas* (*o kakayahan*) *sa pagkakaintindi at sa pagkakaunawa*, *at itinuro rin sa kanya ang* '*Tawrah*' *na ipinahayag kay Mousã* (عليه السلام) *at ang* '*Injeel*' *na ipinahayag sa kanya bilang gabay sa mga tao*;

"*At kabilang din sa mga kagandahang-loob na ito*, *siya ay humuhulma ng hugis ibon mula sa luwad* ('*clay*') *at pagkatapos ay hinihingahan niya ito at ito ay naging tunay na ibon sa kapahintulutan ng Allâh* (ﷻ);

"*At kabilang pa sa kagandahang-loob na ito*, *siya ay gumagamot ng mga ipinanganak na bulag at ito ay nakakakita*; *at naggagamot din siya ng sakit na ketong at nanunumbalik ang balat nito na walang maipipintas na anuman*, *sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ); *at kabilang din sa mga ito ay ang paghihiling niya sa Allâh* (ﷻ) *na bubuhayin ang anuman na nais niya na mga namatay at pagkatapos ay tumatayo ang mga ito mula sa kanilang mga libingan na mga buhay*, *sa kapahintulutan ng Allâh* (ﷻ).

"*At ang lahat ng mga bagay na ito ay pinagpasiyahan at kagustuhan ng Allâh* (ﷻ), *na ito ay mga maliwanag na mga himala na nagpapatunay ng pagiging Propeta ni `Îsã* (عليه السلام), *pagkatapos ay ipinaaalaala rin ng Allâh* (ﷻ) *sa kanya ang mga biyaya noong siya ay pinangalagaan ng Allâh* (ﷻ) *mula sa mga angkan ni Isrâ`îl noong nagpakana sila na siya ay papatayin.*

"*At walang pag-aalinlangan*, *dala-dala niya sa kanila ang mga maliwanag na mga katibayan na nagpapatunay ng kanyang pagiging Propeta*; *at sinabi nila na mga walang pananampalataya mula sa kanila* (*na mga Hudyo*): "*Katiyakan*, *ang dinala sa amin ni `Îsã* (عليه السلام) *na mga malinaw na mga tanda ay isang malinaw na* '*Sihr*' (*salamangka*)."

111. At alalahanin mo pa rin ang mga biyaya Ko sa iyo (O `Îsã عليه السلام), noong nagpahayag Ako sa iyo at inilagay Ko sa mga puso ng '*Hawâriyyûn*' – piling-piling mga tao na grupo ng mga matatapat na tagasunod mo, na sila ay maniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa iyong pagiging Propeta, na sinabi nila: "*Naniwala kami*, *O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *at tumestigo Ka na kami ay sumusuko sa Iyo at nagpapasailalim sa kagustuhan Mo bilang mga Muslim*."

112. At alalahanin mo pa rin noong sinabi ng mga '*Hawâriyyûn*:' "*O `Îsã* (عليه السلام) *na anak ni Maryam*, *kaya ba ng iyong* '*Rabb*,' *kapag hiniling mo sa Kanya, na magpababa sa amin ng* '*Al-Mâ`i-dah*' *– lamesa na may mga nakalatag na mga pagkain mula sa kalangitan?*" At ang naging tugon niya ay inutusan sila na maging matakot sa parusa ng Allâh (ﷻ) kung sila ay tunay na naniniwala.

113. Sinabi ng mga '*Hawâriyyûn*:' "*Nais namin na kumain mula sa* '*Al-Mâ`i-dah*' *na ito at nang sa gayon ay mapanatag ang kalooban namin kapag ito ay nakita namin at mabatid namin bilang katiyakan na totoo ka sa iyong pagiging Propeta*; *at kami ay magiging testigo sa palatandaang ito ng Allâh* (ﷻ), *na Siyang nagpadala nito bilang Kanyang katibayan para sa amin sa Kanyang Kaisahan at Kanyang Kapangyarihan*, *at kakayahan sa anuman na Kanyang nais*; *at iyong katibayan sa pagiging totoo ng iyong pagka-Propeta*."

114. Tumugon si `Îsã (عليه السلام) na anak ni Maryam sa mga '*Hawâriyyûn*' at nanalangin siya sa kanyang '*Rabb'* na Tagapaglikha at nagsasabi: "*O Allâh* (سبحانه وتعالى) *na aming* '*Rabb*,' *padalhan Mo kami ng* '*Mâ`i-dah*' *na nakahandang pagkain mula sa kalangitan*; *na ipagdiriwang namin ang araw ng pagbaba nito at dadakilain namin*, *kami at ang mga susunod pa sa amin*; *at ang* '*Mâ`i-dah*' *ay maging tanda at katibayan mula sa Iyo*, *O Allâh* (سبحانه وتعالى), *sa Iyong Kaisahan at sa pagiging totoo ng Aking pagka-Propeta*; *at pagkalooban Mo kami ng masaganang kabuhayan mula sa Iyo*, *sapagka't Ikaw ang* '***Khayrur Râziqeen***' – *Ganap at Pinakamabuting Tagapagkaloob ng mga kabuhayan*."

115. Sinabi ng Allâh (سبحانه وتعالى): "*Ako ay magpapadala sa inyo ng* '*Mâ`i-dah*,' *at sinuman ang lalabag at hindi maniniwala mula sa inyo sa Aking Kaisahan at pagiging Propeta ni `Îsã* (عليه السلام) *pagkatapos bumaba ng* '*Mâ`i-dah*,' *ay walang pag-aalinlangan na paparusahan Ko siya ng masidhing kaparusahan na hindi Ko iginawad sa sinuman sa sangkatauhan*."

At walang pag-aalinlangan, ay bumaba nga ang '*Mâ`i-dah*' na tulad ng ipinangako ng Allâh (سبحانه وتعالى).

116. Alalahanin mo na sasabihin ng Allâh (سبحانه وتعالى) sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "*O `Îsã* (عليه السلام) *na anak ni Maryam*, *ikaw ba*, *sinabi mo sa mga tao na*: '*Ituring ninyo ako at ang aking ina na dalawang sinasamba bukod sa Allâh?*'" Tumugon si `Îsã (عليه السلام) bilang pagluwalhati sa Allâh (سبحانه وتعالى): "*Hindi maaaring sasabihin ko sa mga tao ang hindi totoo. Kung sinabi ko man ito*, *tiyak na ito ay batid Mo*, *dahil Ikaw ay walang maililihim sa Iyo na anuman*, *alam Mo kung ano ang kinikimkim ko*, *na kung ano ang nasa aking sarili at hindi ko alam kung ano ang nasa Iyo. Katiyakan*, *Ikaw ang* '***`Aleem***' – *ang Ganap na Nakaaalam ng lahat ng bagay na nakalantad o lihim*."

117. Sinabi ni `Îsã (عليه السلام): "*O Allâh na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Wala akong sinabi sa kanila kundi ang kung ano lamang ang ipinahayag Mo sa akin*,

at kung ano ang iniutos Mo sa akin na iparating sa kanila na paniniwala sa Kaisahan Mo at pagsamba sa Iyo, *at ako ay testigo sa kanila habang ako ay kasama pa nila*, *tumitestigo sa kanilang mga ginagawa at kanilang mga sinasabi*, *subali't noong kinuha Mo ako mula sa kalupaan at iniangat Mo ako patungo sa kalangitan na buhay*, *Ikaw lamang ang Nakamamasid ng anumang inililihim nila at Ikaw ang* '***Shaheed***' *– Ganap na Saksi at Tagapagmatyag ng lahat ng bagay at walang anuman ang maililihim sa Iyo rito sa kalupaan at gayundin sa kalangitan.*

118. "*Kung paparusahan Mo sila*, *O Allâh* (ﷻ), *sila ay mga alipin Mo*, *at Ikaw ang Nakaaalam ng mga katayuan nila*, *ginagawa Mo ang anuman na Iyong nais sa kanila*, *sa Iyong pagiging makatarungan*; *at kung magpapatawad Ka dahil sa Iyong awa sa sinumang humarap* (*o dumulog*) *sa Iyo na dala-dala niya ang lahat ng kadahilanan upang siya ay mapatawad. Walang pag-aalinlangan*, *Ikaw ay* '***Al-`Azeez***' *- ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na walang sinuman ang makagagapi sa Iyo*, *na* '***Al-Hakeem***' *– ang Ganap na Maalam sa Iyong panukala at sa Iyong pag-aatas*."

Ang '*Âyah*' o talatang ito ay papuri sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang pagiging Ganap na Maalam, sa Kanyang pagiging Ganap na Makatarungan, sa pagiging Kaganapan ng Kanyang Kaalaman.

119. Sasabihin ng Allâh (ﷻ) kay `Îsã (عليه السلام) sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "*Ito ang Araw ng Pagbabayad na makikinabang ang mga naniwala sa Kaisahan ng kanilang* '*Rabb*;' *at nagpasailalim sa Kanyang batas na mga naging tapat sa kanilang layunin*, *mga salita at mga gawa*. *Para sa kanila ay mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga Palasyo nito*, *mananatili sila roon magpasawalang-hanggan. Kinalugdan sila ng Allâh* (ﷻ) *at tinanggap ang kanilang kabutihan*, *at* (*gayundin din sila*) *kinalugdan nila ang Allâh* (ﷻ) *dahil sa Kanyang pagkaloob sa kanila ng masaganang gantimpala. Ang kabayarang ito at ang pagmamahal na ito ng Allâh* (ﷻ) *sa kanila ay siyang dakilang tagumpay*."

120. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) na Nag-iisa na walang katambal ang mga kalangitan at ang kalupaan at ang mga nilalaman nito; at Siya, ang Allâh (ﷻ) ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay at Siya ang May Kakayahan na gawin ang lahat ng bagay.

سورة الأنعام 6

VI – Sûrat Al-An`âm

[**Kabanata Al-An`âm** – Ang mga Hayop]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allâh (ﷻ) na Siyang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan, at ng mga nilalaman nito; at Siya (rin) ang gumawa ng mga kadiliman at liwanag sa pama-magitan ng pagpapalit-palit ng gabi at araw.

At ito ang mga katibayan ng kadakilaan ng Allâh (ﷻ); at Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin, na hindi maaaring ituon ng sinuman ang pagsamba sa iba kundi sa Kanya lamang. At kahit na ganito na kalinaw (ang lahat) ay nagagawa pa rin ng mga walang pananampalataya na ipantay ang iba sa Allâh (ﷻ) at sumamba sa iba bukod sa Kanya.

2. Siya rin ang lumikha sa inyong ama na si Âdam (عليه السلام) mula sa alabok at kayo (naman) ay nagmula sa kanyang lahi; at pagkatapos ay itinakda Niya ang haba o itatagal ng inyong buhay dito sa daigdig at itinakda rin Niya ang katapusan nito (ng daigdig) at ang Araw ng Muling Pagkabuhay, na walang sinuman ang nakaaalam nito bukod sa Kanya na Kataas-taasan; subali't pagkatapos ng lahat ng ito ay nagdududa pa rin kayo sa kakayahan ng Allâh (ﷻ) na kayo ay muli Niyang bubuhayin pagkatapos ninyong mamatay.

3. At ang Allâh (ﷻ), Siya lamang ang tunay na sinasamba sa mga kalangitan at sa kalupaan. At kabilang sa mga palatandaan ng Kanyang pagiging '*Ilâh*' (Diyos na sinasamba), ay batid Niya ang lahat ng inyong mga inililihim at mga inihahayag, at batid Niya ang lahat ng inyong mga ginagawa, mabuti man ito o masama; at

dahil sa ganitong kadahilanan Siya lamang ang Bukod-Tangi na '*Ilâh*' na karapat-dapat sambahin.

4. Dumating sa kanila na mga walang pananampalataya na naglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh – ang tinatawag na mga '*Mushrikûn*,' ang malinaw na mga katibayan at mga palatandaan hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ); at ang pagpapatunay ng pagiging Propeta ni Propeta Muhammad (ﷺ), at sa anuman na kanyang dinala. Subali't pagkatapos nitong dumating sa kanila ay tinanggihan nila ito at hindi nila ito pinaniwalaan.

5. Katiyakan, sila na mga walang pananampalataya ay tinanggihan ang katotohanan na dinala para sa kanila ni Propeta Muhammad (ﷺ); at nilait nila ang mga tagapagpahayag nito, dahil sa hindi nila tunay na nakikilala ang Allâh (ﷻ); na dahil sa sila ay pinagbibigyan lamang ng Allâh (ﷻ) ay nalinlang na sila.

At walang pag-aalinlangan, ipamumukha sa kanila ang ginawa nilang pag-aalipusta, na yaon pala ang katotohanan na kanilang nilalait-lait; at ipapakita (rin) ng Allâh (ﷻ) ang kasinungalingan ng mga nagsinungaling at sila ay tutumbasan para rito.

6. Hindi ba batid ng mga yaong tumatanggi sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang karapatan bilang '*Ilâh*' o Diyos na sinasamba at pinapasinungalingan ang Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ); na kung ano ang naganap na pagkawasak sa mga nauna sa kanila na mga sambayanan dahil sa di-paniniwala ng mga ito, na kung saan ay pinagkalooban Namin sila ng kapangyarihan na hindi Namin ipinagkaloob sa inyo na mga walang pananampalataya, at biniyayaan Namin sila sa pamamagitan ng ulan at pag-agos ng mga ilog sa ilalim ng kanilang mga tahanan, subali't hindi pa rin sila naniwala at pinasinungalingan (pa rin) nila ang mga Sugo; na kung kaya, winasak Namin sila, dahil sa kanilang mga kasalanan. At lumikha Kami pagkatapos nila ng panibagong mga sambayanan na siyang humalili sa kanila upang itaguyod ang buhay sa daigdig?

7. At kahit na magpahayag pa Kami sa iyo, O Muhammad (ﷺ) ng aklat na mula sa kalangitan na nakasulat sa mga pahina upang mapanghawakan nila, ay sasabihin pa rin nila: "*Katiyakan*, *ang anumang dala-dala mo*, *O Muhammad*, *ay isang malinaw na* '*Sihr*' (*salamangka*)."

8. At sinabi nila na mga walang pananampalataya: "*Bakit hindi magpadala ang Allâh kay Muhammad ng anghel mula sa kalangitan*, *upang mapatunayan na ang anumang dala-dala niya ay katibayan ng kanyang pagiging Propeta?*" At kahit na magpadala pa Kami ng anghel mula sa kalangitan, bilang tugon sa kanilang kahilingan ay magaganap pa rin ang pagkawasak nila, na pagkatapos nito ay hindi na sila pagbibigyang humingi pa ng kapatawaran, dahil nauna na sa kaalaman ng Allâh (ﷻ) na sila ay hindi maaaring maniwala.



9. At kahit na gawin pa Naming anghel ang Sugo na ipapadala sa kanila dahil sa hindi nila pagiging kuntento kay Muhammad (ﷺ), ay gagawin pa rin Namin ang anghel na yaon na isang anyong tao, upang makayanan nila ang pakikinig sa kanya at pakikipag-usap; dahil sa wala silang kakayahan na makita ang anghel sa pinakatunay nitong kaanyuan, at kapag dumating sa kanila ang anghel na kamukha ng tao ay pagdududahan pa rin nila ito na katulad ng ginawa nilang pagdududa kay Muhammad (ﷺ).

10. At dahil sa kanilang kahilingan na magpadala ng anghel bilang pang-iinsulto kay Muhammad (ﷺ), ay ipinaliwanag ng Allâh (ﷻ) sa kanya (Muhammad ﷺ) na ang pang-iinsulto sa mga Sugo ay isang bagay na hindi bagong pangyayari, sapagka't ito ay ginawa rin ng mga walang pananampalataya noon sa kanilang mga Propeta. At sinakluban sila ng kaparusahan na walang sinuman ang nakaligtas sa kanila, dahil sa kanilang pag-aalipusta at pagpapasinungaling.

11. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Maglakbay kayo sa ibabaw ng kalupaan at pagmasdan ninyo kung paano winakasan ng Allâh* (ﷻ) *ang mga hindi naniwala*, *sa pamamagitan ng paghamak at pagwasak sa kanila. Na kung kaya*, *ingatan ninyo na huwag mangyari sa inyo ang mga nangyari sa kanila*."

12. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga naglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh – ang mga '*Mushrikin*:' "*Sino ba ang nagmamay-ari ng mga kalangitan*, *kalupaan at ng mga nasa loob nito?*" Sabihin mo: "*Ito ay pagmamay-ari ng Allâh* (ﷻ) *na katulad ng pagkakabatid ninyo at pag-amin ninyo*; *na kung kaya*, *sambahin lamang ninyo Siya nang Bukod-Tangi at Nag-iisa*." Itinakda ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Sarili ang pagkaawa, na kung kaya, hindi Niya minamadali ang pagpaparusa sa Kanyang mga alipin.

Walang pag-aalinlangan, titipunin Niya kayo sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na roon ay katiyakan (na magaganap) ang pagkukuwenta (paghuhukom) at pagbabayad. Yaong mga naglagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh ay winasak

nila ang kanilang mga sarili, dahil hindi nila sinamba ang Allâh (ﷻ) sa Kanyang Kaisahan, at hindi sila naniwala sa Kanyang mga pangako na tulad ng '*Al-Jannah*' (Hardin isinaling Paraiso), at mga babala na tulad ng kaparusahan sa naglalagablab na Impiyernong-Apoy, at hindi (rin) sila naniwala sa pagiging Propeta ni Propeta Muhammad (ﷺ).

13. At bukod-tanging pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ), ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan, nakatigil man ito o gumagalaw, lihim man ito o lantad, lahat sila ay mga alipin Niya at Kanyang nilikha, at nasa ilalim ng Kanyang Kapangyarihan at Pangangalaga. At Siya ay '***As-Samee`***' – ang Ganap na Nakakarinig sa mga sinasabi ng Kanyang mga alipin, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa kanilang mga ikinikilos at sa kanilang mga kalooban.

14. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga yaong naglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh: "*Kukuha pa ba ako ng iba bukod sa Allâh* (ﷻ) *bilang Tagapangalaga at Tagapagtaguyod*, *samantalang Siya ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at sa anumang mga nasa loob nito*; *at Siya rin ang nagkakaloob ng kabuhayan sa sinuman na Kanyang nilikha at walang sinuman ang nagkakaloob nito bukod sa Kanya?*"

Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *inutusan ako na ako ang maging kauna-unahang magpasailalim at sumunod sa Kanya bilang Muslim na sumasamba sa Kanya nang tunay mula sa sambayanang ito*, *at pinagbawalan Niya ako na maging kabilang sa mga* '*Mushrikûn*' *– mga nagtatambal o sumasamba ng iba bukod sa Allâh*."

15. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na sumasamba sa iba bukod sa Allâh: "*Katiyakan*, *ako ay natatakot na kapag nilabag ko ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha* (*Allâh* ﷻ) *at hindi ko sinunod ang Kanyang kagustuhan*, *at sumamba ako sa iba bukod sa Kanya*; *ay ipapataw Niya sa akin ang Kanyang matinding kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay*."

16. At sinuman ang iniligtas ng Allâh (ﷻ) mula sa matinding kaparusahan ay tiyak na kinaawaan Niya, at ang pagkakalayo niya mula roon ang siyang tunay na tagumpay at kaligtasan mula sa masidhing kaparusahan.

17. At kapag sinanhi ng Allâh (ﷻ) na ikaw, O tao, ay masaktan na tulad ng kahirapan at sakit, walang sinuman ang makapagbibigay ng lunas nito maliban sa Kanya, at kapag sinanhi naman Niya ang kabutihan na katulad ng yaman at kalusugan ay wala ring sinuman ang maaaring makapigil sa Kanyang kagandahang-loob at maaaring humadlang sa Kanyang pinagpasiyahan, dahil Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay.

18. At ang Allâh (ﷻ), Siya ay '***Al-Qâhir***' – ang Tagapagpuwersa sa Kanyang mga alipin, kusang nagpapasailalim sa Kanya ang lahat, sa Kanyang Kapangyarihan,

Kadakilaan at Kataas-Taasan; at nagpapakumbaba sa Kanya ang lahat ng Kanyang mga nilikha, maging ang mga mapagmataas sa ayaw at sa gusto nila. Siya ay '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa lahat, na inilalagay Niya ang lahat sa dapat nitong paglagyan ayon sa Kanyang karunungan; na Siya ay '***Al-Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid at Nakikita Niya ang lahat at walang anuman ang nailililihim sa Kanya.

Paliwanag: Sinuman ang nagtataglay ng ganitong katangian ay hindi karapat-dapat na tambalan ng kahit na sinuman. Ang '*Âyah*' (o talatang) ito ay patunay ng Kanyang pagiging Kataas-taasan na wala nang tataas pa kaysa sa Kanya, na Siya ay nasa ibabaw ng lahat ng Kanyang mga nilikha na angkop na angkop sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan.

19. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na nagtatambal sa pagsamba sa Allâh – na mga '*Mushrikûn*:' "*Sino ba ang pinaka-dakilang testigo na magpapatunay na ako ay totoo sa aking sinasabi sa inyo*, *na ako ay Sugo ng Allâh?*"

Sabihin mo (O Muhammad ﷺ) sa kanila: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ay Siyang testigo sa pagitan ko at sa inyo*, *na Siya ang Nakaaalam kung ano ang dinala ko sa inyo at kung ano ang itutugon ninyo sa akin. At inihayag ng Allâh* (ﷻ) *sa akin ang Dakilang Qur'ân na ito upang sa pama-magitan nito ay mabalaan ko kayo hinggil sa Kanyang kaparusahan na magaganap sa inyo*, *at binabalaan ko rin sa pamamagitan nito ang sinumang sambayanan na maaabot nito. At katiyakan na kayo ay aamin na bukod sa Allâh* (ﷻ) *ay mayroon pa rin kayong ibang sinasamba*."

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *ako ay hindi titestigo sa anumang inamin ninyo*, *sapagka't ang Allâh* (ﷻ) *ay Bukod-Tangi na Nag-iisang* '*Ilâh*' *o Diyos na sinasamba na walang katambal at katiyakan na ako ay walang pananagutan sa anumang itinambal ninyo na iba sa Allâh*."

20. Ang mga yaong pinagkalooban Namin ng '*Tawrah*' at '*Injeel*,' ay kilala nila si Muhammad (ﷺ) dahil sa kanyang mga katangian na nabanggit sa kanilang Kasulatan, na katulad ng pagkakakilala nila sa kani-kanilang mga sariling anak, na kung gaano nila kakilala ang kanilang mga anak na wala silang pag-aalinlangan ay ganoon din nila kakilala si Propeta Muhammad (ﷺ) dahil sa ito ay ganap na nakasaad sa kanilang kasulatan; magkagayunpaman, ang sinunod pa rin nila ay ang kanilang sariling pagnanasa, na kung kaya, naging talunan ang kanilang mga sarili noong hindi nila pinaniwalaan si Muhammad (ﷺ) at ang anuman na kanyang dinala.

21. At wala nang hihigit pang pinakamasama kaysa sa isa na nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh, o pag-aangkin na ang Allâh (ﷻ) ay may mga kahanay o katambal sa Kanyang pagiging Bukod-Tangi na sinasamba, o di kaya ay pag-aangkin na Siya ay mayroong anak o may asawa, o di kaya ay pinasinungalingan ang mga katibayan at mga palatandaan na nagpapatunay sa Kanyang mga Sugo. Katiyakan, hindi magtatagumpay ang mga masasama, ang

mga '*dzâlimûn*' na nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh, na hindi nila makakamtan ang anuman na kanilang hangarin dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

22. At mag-ingat sila na mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh – '*Mushrikûn*,' na hindi naniniwala sa mga talata o palatandaan ng Allâh, sa Araw na titipunin Namin sila at pagkatapos ay sasabihin Namin sa kanila: "*Nasaan ang inyong mga sinasamba*, *na inaangkin ninyo na sila ay mga katambal ng Allâh upang sila ay mamagitan para sa inyo?*"

23. Pagkatapos ay wala silang maisasagot kapag sila ay tinanong na hinggil sa kanilang mga inihanay o itinambal sa Allâh, bagkus ay itatanggi nila ang mga sinamba nila; at susumpa sila sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na kailanman ay hindi sila nagtambal ng iba sa pagsamba sa Kanya.

24. Pagmasdan mo, O Muhammad (ﷺ), kung paano sila nagsinungaling laban sa kanilang mga sarili! Na sila sa Kabilang-Buhay ay itatanggi ang ginawa nilang pagtatambal sa Allâh? At maglalaho ang kanilang mga sinasamba na inaasahan nila na ito ay mamagitan sa kanila.

25. Mayroon sa kanila na mga '*Mushrikin*,' na pinakikinggan nila sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Dakilang Qur'ân; subali't hindi ito tumatalab sa kanilang mga puso, dahil sa kanilang pagsunod sa kanilang pagnanasa; na kung kaya, nilagyan Namin ng takip ang kanilang mga puso, upang hindi nila maintindihan ang Qur'ân, at sinanhi Namin na hindi makarinig ang kanilang mga tainga, kahit na makita pa nila ang maraming talata o palatandaan na nagpapatunay sa iyo ay hindi pa rin nila ito paniniwalaan, hanggang sa umabot sa punto na sila ay pupunta sa iyo, O Muhammad (ﷺ), upang makipagtalo pagkatapos nilang mapatunayan ang mga palatandaang nagpapatunay sa iyo; at sasabihin ng mga tumanggi sa mga talata ng Allâh: "*Ito ay mga kuwento lamang na mula sa mga naunang tao na walang katotohanan*."

26. At sila na mga '*Mushrikûn*' ay pinipigilan nila ang mga tao na sumunod kay Muhammad (ﷺ) at makinig sa kanya, at sila rin mismo ay inilalayo nila ang kanilang mga sarili sa kanya; gayong sa ginagawa nilang pagpigil o pagharang sa daan patungo sa Allâh (ﷻ), ay wala silang pinipinsala o winawasak kundi ang kanila lamang mga sarili subali't ito ay hindi nila namamalayan.

27. At kung makikita mo lamang, O Muhammad (ﷺ), ang mga '*Mushrikin*' sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ay makakakita ka ng kagimbal-gimbal na pangyayari, at ito ay kapag ikinulong na sila sa Impiyerno at makikita ang mga nasa loob nito na nakakadena at nakapamatok sa leeg, na nakikita ng kanilang mga sariling mata ang kagimbal-gimbal na mga pangyayari at saka pa lamang nila sasabihin: "*Kung maibabalik lamang kami sa buhay sa daigdig upang mapaniwalaan namin ang mga talata ng Allâh upang masunod namin at mapabilang kami sa mga mananampalataya!*"

28. Subali't ang katotohanan ay hindi ang yaong kanilang inaangkin, bagkus sa Kabilang-Buhay ay lilitaw sa kanila ang anuman na alam nila na nasa kanilang mga sarili, na ang anumang dinala ng mga Sugo sa daigdig ay katotohanan, kahit pa ang pinalilitaw nila sa kanilang mga tagasunod ay salungat hinggil dito.

At kahit na pagbigyan pa sila at pabalikin sa daigdig ay manunumbalik pa rin sila sa kanilang pagmamatigas, paglabag at pagsisinungaling. Na sila ay sinungaling sa kanilang mga sinasabi na: "*Kung pababalikin lamang kami sa daigdig ay hindi namin pasisinungalingan ang mga talata ng aming* '*Rabb*' *at mapabilang kami sa mga mananampalataya*."

29. At sinabi nila na mga '*Mushrikûn*' na hindi naniniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "*Walang totoong buhay kundi ang buhay lamang na ito sa daigdig*, *at tayo ay hindi na bubuhayin pang mag-uli pagkatapos nating mamatay*."

30. At kung makikita mo lamang, O Muhammad (ﷺ), ang mga hindi naniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kapag sila ay tumindig na sa harapan ng Allâh (ﷻ), para sa Kanyang paghuhukom sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay; katiyakan na makikita mo ang napakasama nilang kalagayan, kapag sasabihin na ng Allâh (ﷻ) na Kataas-taasan: "*Hindi ba ito ang katotohanan*," na ang ibig sabihin, "*Hindi ba ang Araw ng Muling Pagkabuhay na ito na inyong tinanggihan sa daigdig ay isang katotohanan?*"

Sasabihin nila: "*Oo nga po*, *O aming* '*Rabb*,' *ito ang katotohanan.*" Sasabihin ng Allâh (ﷻ): "*Kung gayon*, *lasapin ninyo ang kaparusahan dahil sa inyong pagtanggi*," na ang ibig sabihin, "*Ang kaparusahan na hindi ninyo pinaniwalaan sa daigdig*, *dahil sa inyong pagtanggi sa Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad* (ﷺ)."

31. Katiyakan, ang talunan ay ang mga walang pananampalataya, na hindi naniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli pagkatapos mamatay, hanggang sa ito ay maganap sa kanila at sila ay mabibigla na lamang sa masama nilang kahihinatnan, at magsisisigaw sila sa kanilang kapighatian sa kanilang mga sarili dahil sa ito ay binalewala nila noong sila ay nabubuhay pa sa daigdig, at pasan-pasan nila sa

kanilang mga likuran ang kanilang mga kasalanan, at walang pag-aalinlangan na napakasama ang mabibigat nilang mga pasanin na mga kasalanan!

32. Kadalasan na ang buhay dito sa daigdig ay walang iba kundi libangan lamang, walang kabuluhan at panlilinlang; gayong ang mabuting gawa sa Kabilang-Buhay ay higit na nakabubuti sa mga yaong mayroong takot sa Allâh (ﷻ), at inililigtas nila ang kanilang mga sarili mula sa Kanyang kaparusahan sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya at pag-iwas sa mga kasalanan. Hindi ba ninyo naiisip, O kayong mga '*Mushrikûn*,' na nalilinlang sa kinang ng buhay sa daigdig, na inuuna pa ninyo ay ang anumang naglalaho kaysa sa isang nananatili magpasawalang-hanggan?

33. Katiyakan, alam Namin na nakapagpapalungkot sa iyo, O Muhammad, ang ipinapakita ng mga taong nagpasinungaling sa iyo, na kung kaya, tiisin mo ito at mapanatag ka; dahil sa katotohanan, hindi ka nila tinatanggihan sa kanilang mga sarili, bagkus dahil sa kanilang sukdulang kasamaan at paghihimagsik ay tinanggihan nila ang mga malilinaw na katibayan, na ikaw ay totoo; na kung kaya, pinapasinungalingan ka nila sa mensahe na iyong dala-dala.

34. At katiyakan, tinanggihan ng mga walang pananampalataya ang mga naunang Sugo kaysa sa iyo, na ipinadala ng Allâh (ﷻ) sa kani-kanilang mga sambayanan; at sila ay pinahirapan dahil sa kanilang pagiging Sugo, subali't natiis nila ito at pinagpatuloy nila ang kanilang pagpapahayag at ang kanilang pakikipaglaban, hanggang dumating sa kanila ang tulong ng Allâh (ﷻ). At walang pagbabago sa mga salita ng Allâh (ﷻ), na ito ay ang anuman na Kanyang ipinahayag sa Kanyang Propeta na si Muhammad (ﷺ) bilang pangako sa kanya na tagumpay laban sa sinuman na kakalaban sa kanya.

At katiyakan, dumating sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento hinggil sa mga Sugo na nauna sa iyo; at ang anumang tulong ng Allâh (ﷻ) na naganap sa kanila, at sa anuman na nangyari na kaparusahan at poot ng Allâh (ﷻ) sa mga hindi naniwala mula sa kanila; na kung kaya, sila na naunang mga Sugo ang mga halimbawa para sa iyo. Ang '*Âyah*' o talatang ito ay bilang pampalubag-loob sa Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ).

35. At kung nahihirapan ka sa ginagawa nilang pagsalungat at pagtanggi sa iyong pamamahayag; samakatuwid, kung makakayanan mong maghanap ng '*tunnel*' sa ilalim ng kalupaan o maglagay ng hagdan patungo sa kalangitan upang makapagdala ka ng katibayan na nagpapatunay sa mensahe mo bukod diyan sa dala-dala mong katibayan ay gawin mo, para mabigyan mo sila ng maliwanag na palatandaan na totoo ang iyong sinasabi sa kanila, at kung nanaisin lamang ng Allâh (ﷻ) na tipunin sila sa patnubay na kung saan ito ay nasa sa iyo, bilang gabay sa tunay na paniniwala ay magagawa Niya ito; subali't hindi Niya ito ninais, dahil bilang isang '*Hikmah*' (o karunungan) na Siya lamang ang Nakaaalam; na kung kaya, huwag mong itulad ang iyong sarili sa mga walang kaalaman na nalulungkot at naghihinagpis.


إِنَّمَا يَسْتَجِيبُ ٱلَّذِينَ يَسْمَعُونَ ۘ وَٱلْمَوْتَىٰ يَبْعَثُهُمُ ٱللَّهُ ثُمَّ إِلَيْهِ
يُرْجَعُونَ ﴿٣٦﴾ وَقَالُوا۟ لَوْلَا نُزِّلَ عَلَيْهِ ءَايَةٌ مِّن رَّبِّهِۦ ۚ قُلْ إِنَّ ٱللَّهَ
قَادِرٌ عَلَىٰٓ أَن يُنَزِّلَ ءَايَةً وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٣٧﴾ وَمَا
مِن دَآبَّةٍ فِى ٱلْأَرْضِ وَلَا طَٰٓئِرٍ يَطِيرُ بِجَنَاحَيْهِ إِلَّآ أُمَمٌ أَمْثَالُكُم ۚ
مَّا فَرَّطْنَا فِى ٱلْكِتَٰبِ مِن شَىْءٍ ۚ ثُمَّ إِلَىٰ رَبِّهِمْ يُحْشَرُونَ ﴿٣٨﴾
وَٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا صُمٌّ وَبُكْمٌ فِى ٱلظُّلُمَٰتِ ۗ مَن يَشَإِ ٱللَّهُ
يُضْلِلْهُ وَمَن يَشَأْ يَجْعَلْهُ عَلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٣٩﴾ قُلْ
أَرَءَيْتَكُمْ إِنْ أَتَىٰكُمْ عَذَابُ ٱللَّهِ أَوْ أَتَتْكُمُ ٱلسَّاعَةُ أَغَيْرَ ٱللَّهِ
تَدْعُونَ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٤٠﴾ بَلْ إِيَّاهُ تَدْعُونَ فَيَكْشِفُ مَا
تَدْعُونَ إِلَيْهِ إِن شَآءَ وَتَنسَوْنَ مَا تُشْرِكُونَ ﴿٤١﴾ وَلَقَدْ أَرْسَلْنَآ
إِلَىٰٓ أُمَمٍ مِّن قَبْلِكَ فَأَخَذْنَٰهُم بِٱلْبَأْسَآءِ وَٱلضَّرَّآءِ لَعَلَّهُمْ يَتَضَرَّعُونَ
﴿٤٢﴾ فَلَوْلَآ إِذْ جَآءَهُم بَأْسُنَا تَضَرَّعُوا۟ وَلَٰكِن قَسَتْ قُلُوبُهُمْ
وَزَيَّنَ لَهُمُ ٱلشَّيْطَٰنُ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٤٣﴾ فَلَمَّا
نَسُوا۟ مَا ذُكِّرُوا۟ بِهِۦ فَتَحْنَا عَلَيْهِمْ أَبْوَٰبَ كُلِّ شَىْءٍ
حَتَّىٰٓ إِذَا فَرِحُوا۟ بِمَآ أُوتُوٓا۟ أَخَذْنَٰهُم بَغْتَةً فَإِذَا هُم مُّبْلِسُونَ ﴿٤٤﴾

36. Ang tumutugon lamang sa iyo, O Muhammad (ﷺ), sa iyong mga pamamahayag ng patnubay ay yaong pinakikinggan ang iyong mga salita at pinaniniwalaan, subali't ang mga walang pananampalataya ay itinuturing na mga patay dahil sa ang tunay na pagkabuhay ay sa pamamagitan lamang ng Islâm – ang pagsamba, pagtalima sa Allâh (ﷻ) at pagsunod sa Kanyang kautusan.

At ang hinggil sa mga patay, sila ay bubuhayin na mag-uli ng Allâh (ﷻ) mula sa kanilang mga libingan, pagkatapos sila ay ibabalik sa Araw ng Muling Pagkabuhay para ipatupad sa kanila ang paghuhukom at pagbabayad.

37. At sinabi ng mga '*Mushrikûn*' bilang pagmamatigas at pagmamataas: "*Bakit hindi magpadala ang Allâh ng tanda bilang himala na magpapatunay kay Muhammad?*" Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ), *kaya Niyang magpadala sa kanila ng tanda*, *subali't ang karamihan sa kanila ay hindi nakababatid na ang pagpapadala ng mga palatandaan ay nababatay lamang sa* '*Hikmah*' (*o karunungan*) *ng Allâh* (ﷻ)."

38. At walang anumang hayop na gumagapang sa kalupaan o ibon na lumilipad sa himpapawid sa pamamagitan ng dalawa nitong pakpak, kundi ito ay mga grupo ng mga nilikha na katulad din ninyo. Wala Kaming kinaligtaan sa talaan ng '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*' (ang Talaan ng Pagkakatakda ng lahat) na anumang bagay nang hindi Namin itinala; pagkatapos sila ay titipunin ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Araw ng Muling Pagkabuhay at huhukuman sila sa anuman na kanilang nagawa.

39. At yaong mga tinanggihan ang mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) ay may kabingihan sa kanilang pandinig na hindi nila napapakinggan ang anuman na nakababuti para sa kanila, at mga pipi na hindi nagsasabi ng katotohanan; na kung kaya, sila ay nalilito sa kadiliman, at hindi nila pinili ang Matuwid na Landas. Sinuman ang naisin ng Allâh (ﷻ) na maligaw ay maliligaw (na ang Kanyang

inililigaw lamang ay ang mga karapat-dapat na iligaw), at ang sinuman ang naisin Niyang gabayan ay mapapatnubayan sa Matuwid na Landas.

40. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga '*Mushrikin*:' "*Sabihin nga ninyo sa akin na kapag dumating ang kaparusahan ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo rito sa daigdig o dumating sa inyo ang pagkagunaw ng daigdig na pagkatapos ay bubuhayin kayo na mag-uli*; *mayroong bang iba bukod sa Allâh na inyong tatawagin para kayo ay iligtas sa anuman na dumating sa inyo na mga pangyayari*, *kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin sa ginagawa ninyong pagsamba sa mga diyus-diyusan bukod sa Allâh*, *na sila ay makapagbibigay ng kapakinabangan o kapinsalaan?*"

41. Hindi ang inyong inaakala ang siyang katotohanan! Katiyakan, ang tatawagin ninyo roon ay ang inyong '*Rabb*' (Allâh ﷻ) na Lumikha sa inyo, walang iba kundi Siya at kayo ay hihingi ng saklolo sa Kanya, at kung Kanyang nanaisin ay ililigtas Niya kayo sa matinding pangyayari dahil sa Siya ay Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay; at babalewalain ninyo sa pagkakataong yaon ang inyong mga sinamba na mga rebulto at ang inyong mga sinunod na mga tao.

42. At katiyakan, nagpadala Kami, O Muhammad (ﷺ), ng mga Sugo sa mga grupo ng mga tao na mga nauna sa iyo, upang hikayatin sila patungo sa Allâh (ﷻ), subali't hindi nila pinaniwalaan ang mga Sugo; na kung kaya, sinubok Namin sila sa kanilang mga kayamanan ng matinding kahirapan, at sinubok (din) Namin sila sa kanilang mga katawan ng mga sakit; nang sa gayon ay maniwala sila sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha nang may pagpapakumbaba at ituon lamang nila ang pagsamba sa Kanya.

43. Subali't noong dumating sa kanila ang mga ganitong pagsubok, bakit hindi sila nagpakumbaba sa kanilang mga sarili, kung gayon? Bagkus ay mas lalo pang tumigas ang kanilang mga puso at ginawa ni '*Shaytân*' (Satanas) na maging kaiga-igaya sa kanila ang kanilang mga masasamang gawain, at ang ginagawa nilang pagsamba sa iba.

44. Samakatuwid, noong kinalimutan nila ang pagsagawa ng mga ipinag-uutos ng Allâh (ﷻ) at ito ay kanilang tinanggihan, ay binuksan Namin sa kanila ang mga pintuan ng lahat ng kabuhayan at pinalitan Namin ang kanilang paghihirap ng kaginhawahan sa buhay, ang kanilang mga karamdaman ng kalusugan; upang pabayaan sila pansamantala sa kanilang mga ginagawa hanggang sa kalagitnaan ng kanilang kasiyahan at pagkalulong sa anumang ipinagkaloob Namin sa kanila na kabutihan at biyaya, ay biglang-bigla na lamang Namin silang pinarusahan, na sila ay inilublob sa pagkawasak na may kasamang matinding pagsisisi at pagdadalamhati.

45. Samakatuwid, pinutol (Namin) ang mga ugat ng kasamaan ng mga tao at sila ay pinuksa dahil sa kanilang paglabag sa Allâh (ﷻ) at di-paniniwala sa Kanyang mga Sugo, walang sinuman ang nalabi sa kanila (sila ay lubusang winasak). Na kung kaya, ang pasasalamat at papuri ay sa Allâh (ﷻ) lamang na Siyang Lumikha at Nagmamay-ari ng lahat ng bagay, sa Kanyang pagtulong sa Kanyang mga '*awliyâ*`' (mga alipin Niya na malalapit sa Kanya) at pagwasak sa kalaban.

46. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Sabihin ninyo nga sa akin*, *kapag inalis ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo ang inyong mga pandinig at naging bingi kayo*; *at gayundin ang inyong mga paningin at hindi na kayo makakakita*, *at isasara ang inyong mga puso at wala na kayong maiintindihan*, *sino pa kaya ang* '*ilâh*' (*diyos na sinasamba*) *bukod sa Allâh* (ﷻ) *na Kataas-taasan*, *ang may kakayahan na ibalik ito sa inyo? Na kung kaya*, *pagmasdan mo*, *O Muhammad*, *kung paano Namin ipinaliliwanag sa iba't ibang paraan ang mga katibayan sa kanila*, *subali't pagkatapos nito ay tumatalikod pa rin sila at hindi nila ito iniintindi at hindi ito nagsilbing aral sa kanila?*"

47. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Sabihin ninyo nga sa akin*, *kapag biglaang dumating sa inyo ang kaparusahan ng Allâh* (ﷻ) *nang wala kayong kamalay-malay*, *o di kaya ay maliwanag na kitang-kita ninyo ito sa pamamagitan ng inyong mga mata*, *mayroon kayang mawawasak maliban sa kanila na mga* '*dzâlimûn*' *– taong sukdulan ang kasamaan*, *dahil sa pagtuon nila ng kanilang pagsamba sa iba bukod sa Allâh at sa pagtanggi nila sa mga Sugo ng Allâh?*"

48. At hindi Kami nagpapadala ng mga Sugo kundi bilang tagapagbigay ng magandang balita, sa mga susunod sa Amin, na sila ay magkakamit ng walang hanggang kaligayahan; at bilang tagapagbabala sa mga makasalanan hinggil sa masidhing kaparusahang naghihintay sa kanila.

Samakatuwid, sinuman ang maniwala at sumunod sa Kanyang mga Sugo at gumawa ng kabutihan, ay wala silang dapat na ipangamba sa kanilang pakikipagharap sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at wala silang dapat na ikalungkot sa anuman na hindi nila nakamtan na makamundong buhay.

49. Subali't ang mga yaong tumanggi sa Aming mga talata mula sa Dakilang Qur'ân at mga himala, ay ipapataw sa kanila ang kaparusahan sa Kabilang-Buhay dahil sa kanilang pagtanggi at paglabas sa kautusan ng Allâh (ﷻ).

50. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Katotohanan na hindi ko inaangkin na pagmamay-ari ko ang mga kayamanan sa mga kalangitan at kalupaan*, *na ito ay aking pinapangasiwaan*; *at hindi ko rin inaangkin na ako ang nakaaalam ng mga bagay na lihim*, *at hindi ko rin inaangkin na ako ay anghel. Kundi ako ay Sugo lamang na nagmula sa Allâh* (ﷻ), *sinusunod ko ang anumang ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *sa akin at ipinararating ko ang kapahayagan ng Allâh* (ﷻ) *sa mga tao*."

Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Maaari ba na maging magkaparehas ang walang pananampalataya na bulag*, *na hindi niya nakikita ang mga talata ng Allâh* (ﷻ) *at hindi niya ito pinaniniwalaan*; *at ang mananampalataya na nakikita niya ang mga talata ng Allâh* (ﷻ) *at ito ay kanyang pinaniniwalaan? Hindi ba ninyo pinagtutuunan ng pansin ang mga talata ng Allâh* (ﷻ) *upang makita ninyo ang katotohanan at nang sa gayon ito ay inyong mapaniwalaan?*"

51. Balaan mo, O Muhammad (ﷺ), sa pamamagitan ng Dakilang Qur'ân, ang mga yaong batid nila sa sila ay titipunin sa harapan ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at pinaniniwalaan nila ang Pangako ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang babala, na sila ay walang tagapangalaga na tutulong sa kanila bukod sa Allâh (ﷻ), na walang sinuman ang maaaring mamagitan sa kanila sa Allâh (ﷻ) – maliban sa sinumang pahintulutan ng Allâh (ﷻ) – upang sila ay iligtas sa Kanyang kaparusahan; nang sa gayon ay magkaroon sila ng takot sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsasagawa sa mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga ipinagbabawal.

52. At huwag mong ilayo sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang mga mahihinang Muslim na sinasamba nila ang kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa umaga't hapon, na dahil sa kanilang mga mababuting gawa ay naghahangad silang makaharap ang Allâh (ﷻ) (sa Kabilang-Buhay). Hindi ka mananagot sa kanila na mga mahihirap sa anumang bagay, subali't ang bahala sa kanila ay ang Allâh (ﷻ); at ganoon din sila sa iyo, wala rin silang pananagutan sa iyo, nguni't kapag inilayo mo sila sa iyo ay magiging kabilang ka sa mga taong sukdulan ang kanilang paglabag sa batas ng Allâh (ﷻ).

وَكَذَٰلِكَ فَتَنَّا بَعْضَهُم بِبَعْضٍ لِّيَقُولُوٓا۟ أَهَٰٓؤُلَآءِ مَنَّ ٱللَّهُ
عَلَيْهِم مِّنۢ بَيْنِنَآ ۗ أَلَيْسَ ٱللَّهُ بِأَعْلَمَ بِٱلشَّٰكِرِينَ ﴿٥٣﴾ وَإِذَا
جَآءَكَ ٱلَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِـَٔايَٰتِنَا فَقُلْ سَلَٰمٌ عَلَيْكُمْ ۖ كَتَبَ
رَبُّكُمْ عَلَىٰ نَفْسِهِ ٱلرَّحْمَةَ ۖ أَنَّهُۥ مَنْ عَمِلَ مِنكُمْ سُوٓءًۢا
بِجَهَٰلَةٍ ثُمَّ تَابَ مِنۢ بَعْدِهِۦ وَأَصْلَحَ فَأَنَّهُۥ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٥٤﴾
وَكَذَٰلِكَ نُفَصِّلُ ٱلْـَٔايَٰتِ وَلِتَسْتَبِينَ سَبِيلُ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿٥٥﴾
قُلْ إِنِّى نُهِيتُ أَنْ أَعْبُدَ ٱلَّذِينَ تَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ ۖ قُل لَّآ أَتَّبِعُ
أَهْوَآءَكُمْ ۙ قَدْ ضَلَلْتُ إِذًا وَمَآ أَنَا۠ مِنَ ٱلْمُهْتَدِينَ ﴿٥٦﴾
قُلْ إِنِّى عَلَىٰ بَيِّنَةٍ مِّن رَّبِّى وَكَذَّبْتُم بِهِۦ ۚ مَا عِندِى
تَسْتَعْجِلُونَ بِهِۦٓ ۚ إِنِ ٱلْحُكْمُ إِلَّا لِلَّهِ ۖ يَقُصُّ ٱلْحَقَّ ۖ وَهُوَ خَيْرُ
ٱلْفَٰصِلِينَ ﴿٥٧﴾ قُل لَّوْ أَنَّ عِندِى مَا تَسْتَعْجِلُونَ بِهِۦ لَقُضِىَ
ٱلْأَمْرُ بَيْنِى وَبَيْنَكُمْ ۗ وَٱللَّهُ أَعْلَمُ بِٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٥٨﴾
۞ وَعِندَهُۥ مَفَاتِحُ ٱلْغَيْبِ لَا يَعْلَمُهَآ إِلَّا هُوَ ۚ وَيَعْلَمُ مَا فِى
ٱلْبَرِّ وَٱلْبَحْرِ ۚ وَمَا تَسْقُطُ مِن وَرَقَةٍ إِلَّا يَعْلَمُهَا وَلَا حَبَّةٍ
فِى ظُلُمَٰتِ ٱلْأَرْضِ وَلَا رَطْبٍ وَلَا يَابِسٍ إِلَّا فِى كِتَٰبٍ مُّبِينٍ ﴿٥٩﴾

53. Sa ganito Namin sinusubukan ang iba't iba sa kanila dahil sa iba't iba nilang katayuan sa buhay, kaya't ginawa Niyang mayaman ang iba at ang iba naman ay mahirap, ang iba'y malakas at ang iba nama'y mahina; at nangangailangan ang iba sa kanila sa iba, bilang pagsubok sa kanila; at upang masabi ng mga walang pananampalataya na mayayaman: "*Iyan ba ang mga mahihina na pinagkalooban ng Allâh ng gabay tungo sa Islâm mula sa atin?*" Hindi ba ang Allâh (ﷻ) ay Ganap na Nakaaalam sa mga tumatanaw ng utang na loob sa Kanyang biyaya, at ginagabayan sila tungo sa Kanyang '*Deen*' o Relihiyon?

54. At kapag dumating sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang mga yaong naniwala sa mga talata ng Allâh, na nagpapatotoo hinggil sa iyo mula sa Dakilang Qur'ân at iba pa, na nagtatanong hinggil sa kung paano sila mapapatawad sa kanilang mga nagawang kasalanan, igalang mo sila sa pamamagitan ng pagtugon ng '*Salâm*' sa kanila, at ibalita mo sa kanila ang magandang balita hinggil sa napakalawak na habag ng Allâh (ﷻ); at katiyakan, itinala ng Allâh (ﷻ) na Kataas-taasan sa Kanyang Sarili ang habag para sa Kanyang mga alipin bilang kagandahang-loob na ang sinumang nakagawa ng kasalanan na may kamangmangan na hindi niya alam ang magiging bunga nito ay magiging sanhi ng pagkapoot ng Allâh (ﷻ), na pagkatapos ay nagbalik-loob siya sa Allâh (ﷻ), at nagpatuloy sa pagsasagawa ng mabubuting gawa; katiyakan, patatawarin siya ng Allâh (ﷻ) sa kanyang mga kasalanan, dahil Siya ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin na nagsisisi, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

[Ang sinumang nagkasala sa Allâh, sinadya man ito o hindi, dahil sa kanyang kamangmangan hinggil sa kaparusuhan nito at sa pagdudulot nito ng poot sa Allâh (ﷻ), ay itututuring siyang mangmang kung hindi niya alam ang kaparusahan nito, kahit na ito pa ay alam niya na ipinagbabawal.]

55. At sa ganitong pamamaraan ng pagpapahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ipinaliliwanag ang mga malilinaw na katibayan sa lahat ng katotohanan, na

tinatanggihan ng mga nasa kamalian; nang sa gayon ay lumitaw ang katotohanan at lumantad ang daan ng mga gumagawa ng mga kasamaan na lumalabag sa mga Sugo.

56. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *na Kataas-taasan*, *ay pinagbawalan ako na sumamba sa mga rebultong inyong sinasamba bukod sa Kanya*." At sabihin mo sa kanila: "*Hindi ako susunod sa inyong mga walang kabuluhan na pagnanasa. Dahil kapag sinunod ko ang inyong kagustuhan*, *katiyakan na maliligaw ako mula sa Tamang Landas*, *at hindi ako mapapabilang sa mga ginabayan*."

57. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Ako ay nasa malinaw na katibayan*, *bilang batas ng Allâh* (ﷻ) *na ipinahayag sa akin*, *na ito ay bukod-tangi na pagsamba lamang sa Kanya subali't ito ay inyong tinanggihan*, *at wala akong kakayahan na ibaba sa inyo ang kaparusahan na inyong minamadali*, *at walang sinuman ang nagpasiya ng pag-aantala nito kundi ang Allâh* (ﷻ), *sapagka't ang pagpapasiya ay sa Allâh* (ﷻ) *lamang*, *inihahayag Niya ang katotohanan at Siya ang* '***Khayrul Fâsileen***' *- Pinakamagaling sa mga hukom na nagpapahiwalay ng tama sa kamalian*."

58. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Kung kaya ko lamang na ibaba sa inyo ang kaparusahan na inyong minamadali ay gagawin ko at nang sa gayon ay matapos na ang anumang namamagitan sa akin at sa inyo*, *kaya nga lamang ang Tagapagpasiya nito ay ang Allâh* (ﷻ) *lamang*, *at Siya ang Ganap na Nakaaalam sa sinumang sukdulan ang kasamaan at sa kanila na mga* '*Mushrikûn*' **–** *nagtambal sa pagsamba sa Allâh o sumamba sa iba bukod sa Allâh*."

59. At nasa Allâh (ﷻ) na Kataas-taasan ang mga susi ng lahat ng lihim, at walang sinuman ang Nakaaalam nito bukod sa Kanya, at kabilang sa mga kaalamang ito ay ang kaalaman hinggil sa '*As-sa`ah*' (ang Oras ng katapusan ng sandaigdigan), ang pagpapababa ng tubig-ulan, at kung ano ang katayuan ng mga sanggol na nasa mga sinapupunan ng ina, at kung ano ang iyong kikitain at mangyayari kinabukasan, at ang lugar na kung saan ang tao ay mamamatay, alam Niya kung ano ang nasa kalupaan at nasa karagatan, at walang anumang dahon na nalalagas nang hindi Niya ito nalalaman, maging ang lahat ng butil na nasa ilalim ng kalupaan, at ang lahat ng sariwa at tuyo; ay nakatala sa Kanyang Aklat, na isang Malinaw na Talaan na ito ay tinatawag na '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*.'


وَهُوَ ٱلَّذِى يَتَوَفَّىٰكُم بِٱلَّيْلِ وَيَعْلَمُ مَا جَرَحْتُم بِٱلنَّهَارِ ثُمَّ
يَبْعَثُكُمْ فِيهِ لِيُقْضَىٰٓ أَجَلٌ مُّسَمًّى ۖ ثُمَّ إِلَيْهِ مَرْجِعُكُمْ
ثُمَّ يُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٦٠﴾ وَهُوَ ٱلْقَاهِرُ فَوْقَ عِبَادِهِۦ ۖ
وَيُرْسِلُ عَلَيْكُمْ حَفَظَةً حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءَ أَحَدَكُمُ ٱلْمَوْتُ تَوَفَّتْهُ
رُسُلُنَا وَهُمْ لَا يُفَرِّطُونَ ﴿٦١﴾ ثُمَّ رُدُّوٓا۟ إِلَى ٱللَّهِ مَوْلَىٰهُمُ ٱلْحَقِّ ۚ
أَلَا لَهُ ٱلْحُكْمُ وَهُوَ أَسْرَعُ ٱلْحَٰسِبِينَ ﴿٦٢﴾ قُلْ مَن يُنَجِّيكُم مِّن
ظُلُمَٰتِ ٱلْبَرِّ وَٱلْبَحْرِ تَدْعُونَهُۥ تَضَرُّعًا وَخُفْيَةً لَّئِنْ أَنجَىٰنَا مِنْ هَٰذِهِۦ
لَنَكُونَنَّ مِنَ ٱلشَّٰكِرِينَ ﴿٦٣﴾ قُلِ ٱللَّهُ يُنَجِّيكُم مِّنْهَا وَمِن كُلِّ كَرْبٍ
ثُمَّ أَنتُمْ تُشْرِكُونَ ﴿٦٤﴾ قُلْ هُوَ ٱلْقَادِرُ عَلَىٰٓ أَن يَبْعَثَ عَلَيْكُمْ عَذَابًا
مِّن فَوْقِكُمْ أَوْ مِن تَحْتِ أَرْجُلِكُمْ أَوْ يَلْبِسَكُمْ شِيَعًا وَيُذِيقَ بَعْضَكُم
بَأْسَ بَعْضٍ ۗ ٱنظُرْ كَيْفَ نُصَرِّفُ ٱلْءَايَٰتِ لَعَلَّهُمْ يَفْقَهُونَ ﴿٦٥﴾
وَكَذَّبَ بِهِۦ قَوْمُكَ وَهُوَ ٱلْحَقُّ ۚ قُل لَّسْتُ عَلَيْكُم بِوَكِيلٍ ﴿٦٦﴾ لِّكُلِّ
نَبَإٍ مُّسْتَقَرٌّ ۚ وَسَوْفَ تَعْلَمُونَ ﴿٦٧﴾ وَإِذَا رَأَيْتَ ٱلَّذِينَ يَخُوضُونَ فِىٓ
ءَايَٰتِنَا فَأَعْرِضْ عَنْهُمْ حَتَّىٰ يَخُوضُوا۟ فِى حَدِيثٍ غَيْرِهِۦ ۚ وَإِمَّا يُنسِيَنَّكَ
ٱلشَّيْطَٰنُ فَلَا تَقْعُدْ بَعْدَ ٱلذِّكْرَىٰ مَعَ ٱلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٦٨﴾

60. At Siya, ang Allâh (ﷻ) – Luwalhati sa Kanya at Kataas-Taasan, ang kumukuha ng mga kaluluwa sa gabi (kapag kayo ay natutulog) na katulad ng pagkuha nito sa oras ng kamatayan, at batid Niya kung ano ang inyong kikitain at kung ano ang inyong ginagawa sa araw; pagkatapos ay ibinabalik Niya ang inyong mga kaluluwa sa inyong mga katawan pagkagising ninyo mula sa pagtulog, na katulad ng magaganap sa Araw ng Muling Pagkabuhay pagkatapos ninyong mamatay; upang mabuo ninyo ang itinakdang buhay dito sa daigdig, pagkatapos (sa dakong huli) sa Allâh (ﷻ) kayo ay magbabalik pagkatapos kayong buhaying muli mula sa inyong mga libingan. Pagkatapos sasabihin Niya sa inyo kung ano ang inyong ginawa sa buhay dito sa daigdig, pagkatapos kayo ay tutumbasan ayon doon.

61. At ang Allâh (ﷻ), Siya ay '***Al-Qâhir***' – ang Ganap na Tagapagpuwersa sa Kanyang mga alipin, na Siya ang Ganap na Nangingibabaw sa lahat na angkop na angkop sa Kanyang Kadakilaan. Lahat ng bagay ay nagpapasailalim sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan, at nagpapadala Siya sa Kanyang mga alipin ng mga anghel na siyang nagtatala ng kanilang mga gawain, hanggang sa kapag naganap ang kamatayan sa isa sa kanila ay kukunin ng anghel-ng-kamatayan at ng mga kasamahan nito ang kanyang kaluluwa, at hindi nila ipinagsasawalang-bahala ang ipinag-utos sa kanila.

62. Pagkatapos sila na mga namatay ay ibabalik sa Allâh (ﷻ), ang tunay na '***Mawlâ***' – ang Tagapangalaga, ang Makatarungang '*Rabb*' na Tagapaglikha. Na karapat-dapat mabatid na walang pag-aalinlangang Siya lamang ang Maghuhukom sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa pagitan ng Kanyang mga alipin, at Siya ang '***Asra`ul Hâseeb***' – Pinakamabilis sa Pagsasagawa ng Paghahatol.

63. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Sino ba ang nagligtas sa inyo mula sa mga nakatatakot na kadiliman sa kalupaan at karagatan? Di ba Siya*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang inyong dinadalanginan*, *sa mga oras ng inyong kagipitan na may pagpapakumbaba*, *lantad man ito o lihim?*" Sinasabi

ninyo: "*Kapag iniligtas kami ng aming* '*Rabb*' *sa mga nakatatakot na ito ay magiging kabilang kami sa mga tumatanaw ng utang na loob*, *sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya na Kataas-taasan*, *na Bukod-Tangi na walang katambal*."

64. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Ang Allâh* (ﷻ) *ay Siyang Bukod-Tangi na magliligtas sa inyo mula sa mga nakatatakot na ito at sa lahat ng kagipitan*, *samantalang kayo ay naglalagay* (*pa rin*) *ng katambal sa pagsamba sa Allâh* (ﷻ)."

65. Sabihin mo (pa rin), O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Ang Allâh* (ﷻ) *na Kataas-taasan na Siyang Bukod-Tangi na Makapangyarihan ang magpapadala sa inyo ng kaparusahan mula itaas ninyo na tulad ng pagbagsak ng mga bato*, *o pagbagsak ng malakas na ulan o anupamang mga katulad nito*, *o di kaya ay mula sa ilalim ng inyong mga paanan na katulad ng lindol o paglamon ng kalupaan*, *o di kaya ay magkagulu-gulo kayo at magiging mga grupo na hindi nagkakasundo't nagpapatayan*, *o di kaya ay ipapatikim sa inyo ang karahasan ng isa't isa.*"

Pagmasdan mo, O Muhammad (ﷺ), kung paano Namin ipinapakita sa iba't ibang pamamaraan ang mga malilinaw na katibayan, sa kanila na mga '*Mushrikin*' upang ito ay kanilang maintindihan at mapagkunan ng aral.

66. At tinanggihan ng mga walang pananampalataya, O Muhammad (ﷺ), mula sa iyong sambayanan ang Dakilang Qur'ân; samantalang ito ay dalisay na Aklat at totoo sa lahat ng ipinapahayag nito. Sabihin mo sa kanila: "*Hindi ako ang tagapangalaga sa inyo at tagapagmasid*, *kundi ako ay Sugo lamang ng Allâh na ipinararating sa inyo ang anuman na mensahe na ipinag-utos sa akin*."

67. Lahat ng balita ay mayroong hangganan bilang katotohanan na kung saan ito na ang pagpapanatilihan nito; na kung kaya, lilitaw ang katotohanan mula sa kamalian; at walang pag-aalinlangang ito ay mababatid ninyo, O kayong mga walang pananampalataya, bilang bunga ng kung ano ang inyong ginawa kapag dumating ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ) sa inyo.

68. At kapag nakita mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga '*Mushrikin*,' na nagsasalita laban sa mga talata ng Dakilang Qur'ân na mga kasinungalingan at pag-alipusta, ay lumayo ka sa kanila hanggang sa ibahin nila ang kanilang usapan, at kung sinanhi ni '*Shaytân*' na makalimutan mo ang bagay na ito, subali't pagkatapos ay naalaala mo ito, samakatuwid ay huwag ka nang umupo sa mga taong '*dzâlimin*' (masasama), mga nagsasalita ng mga kasinungalingan laban sa mga talata ng Dakilang Qur'ân.


وَمَا عَلَى ٱلَّذِينَ يَتَّقُونَ مِنْ حِسَابِهِم مِّن شَىْءٍ وَلَٰكِن
ذِكْرَىٰ لَعَلَّهُمْ يَتَّقُونَ ﴿٦٩﴾ وَذَرِ ٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُوا۟
دِينَهُمْ لَعِبًا وَلَهْوًا وَغَرَّتْهُمُ ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا ۚ وَذَكِّرْ بِهِۦٓ
أَن تُبْسَلَ نَفْسٌۢ بِمَا كَسَبَتْ لَيْسَ لَهَا مِن دُونِ ٱللَّهِ وَلِىٌّ
وَلَا شَفِيعٌ وَإِن تَعْدِلْ كُلَّ عَدْلٍ لَّا يُؤْخَذْ مِنْهَآ ۗ أُو۟لَٰٓئِكَ
ٱلَّذِينَ أُبْسِلُوا۟ بِمَا كَسَبُوا۟ ۖ لَهُمْ شَرَابٌ مِّنْ حَمِيمٍ وَعَذَابٌ
أَلِيمٌۢ بِمَا كَانُوا۟ يَكْفُرُونَ ﴿٧٠﴾ قُلْ أَنَدْعُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ
مَا لَا يَنفَعُنَا وَلَا يَضُرُّنَا وَنُرَدُّ عَلَىٰٓ أَعْقَٰبِنَا بَعْدَ إِذْ هَدَىٰنَا ٱللَّهُ
كَٱلَّذِى ٱسْتَهْوَتْهُ ٱلشَّيَٰطِينُ فِى ٱلْأَرْضِ حَيْرَانَ لَهُۥٓ أَصْحَٰبٌ
يَدْعُونَهُۥٓ إِلَى ٱلْهُدَى ٱئْتِنَا ۗ قُلْ إِنَّ هُدَى ٱللَّهِ هُوَ ٱلْهُدَىٰ ۖ
وَأُمِرْنَا لِنُسْلِمَ لِرَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٧١﴾ وَأَنْ أَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ
وَٱتَّقُوهُ ۚ وَهُوَ ٱلَّذِىٓ إِلَيْهِ تُحْشَرُونَ ﴿٧٢﴾ وَهُوَ ٱلَّذِى
خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ بِٱلْحَقِّ ۖ وَيَوْمَ يَقُولُ كُن
فَيَكُونُ ۚ قَوْلُهُ ٱلْحَقُّ ۚ وَلَهُ ٱلْمُلْكُ يَوْمَ يُنفَخُ فِى ٱلصُّورِ ۚ
عَٰلِمُ ٱلْغَيْبِ وَٱلشَّهَٰدَةِ ۚ وَهُوَ ٱلْحَكِيمُ ٱلْخَبِيرُ ﴿٧٣﴾

69. Walang anumang pananagutan ang mga mananampalatayang natatakot sa Allâh, sinusunod nila ang Kanyang mga ipinag-uutos at iniiwasan nila ang Kanyang ipinagbabawal, sa mga taong nagsasalita laban sa talata ng Dakilang Qur'ân at hinahamak ito, samantalang ang dapat nilang gawin ay pagpayuhan ang mga ito na tumigil sa mga maling paratang nila, upang sila ay matakot sa Allâh (ﷻ).

70. Pabayaan mo, O Muhammad (ﷺ), sila na mga '*Mushrikin*,' na nagtuturing sa '*Deen*' ng Islâm bilang laruan at libangan, at kanilang hinahamak ang mga talata ng Allâh, na kung saan sila ay nalinlang ng makamundong buhay at ng mga kinang nito, at paalalahanan mo sa pamamagitan ng Kabanal-banalan na Qur'ân ang mga yaong '*Mushrikin*' at iba pa; upang hindi mawasak ng sinuman ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsagawa ng kasalanan at paglabag sa Kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at walang sinuman ang makatutulong sa kanya kundi ang Allâh (ﷻ), na ililigtas siya mula sa kaparusahan, at walang sinumang tagapamagitan ang maaaring mamagitan sa kanya, at kahit na anumang bagay ang kanyang ipantubos ay hindi ito tatanggapin sa kanya.

Sila ang mga yaong winasak dahil sa kanilang mga kasalanan, at ang para sa kanila sa Impiyerno bilang inumin ay kumukulong tubig at masidhing kaparusahan; dahil sa kanilang paglabag sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ) at sa '*Deen*' o Relihiyong Islâm.

71. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Sasamba ba tayo sa iba bukod sa Allâh, ng mga rebulto na hindi man lamang makapagbibigay ng kapakinabangan at walang maidudulot na anumang pinsala? At babalik ba tayo sa pagtanggi pagkatapos tayong gabayan ng Allâh* (ﷻ) *tungo sa Islâm? Ang magiging katulad natin sa ating pagbabalik sa pagtanggi ay katulad ng iniligaw ng mga* '*Shaytân*,' *na kung kaya, siya ay gagala-gala nang nasa kalituhan sa ibabaw ng kalupaan, at mayroon siyang mga kasamahan na mga matitino na*

naniniwala sa Allâh at nag-aakay tungo sa Matuwid na Landas na kanilang tinatahak, *magkagayunpama'y siya ay tumanggi*."

Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Katiyakan*, *ang patnubay ng Allâh* (ﷻ) *na kung saan ako ay Kanyang ipinadala para rito*, *ang Siyang tunay na patnubay*, *at inutusan tayong lahat na sumuko sa Allâh* (ﷻ) *na* '*Rabb*' *ng* '*Al-`Âlamin*,' *sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya nang Bukod-Tangi na walang katambal*, *dahil Siya ang* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha at Nagmamay-ari ng lahat*."

72. At ganoon din, inutusan din Niya tayo na isagawa ang kabuuan ng '*Salâh*' at maging matatakutin sa Kanya sa pamamagitan ng pagsasagawa sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal. At Siya na Kataas-taasan ay sa Kanya titipunin ang lahat ng mga nilikha sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

73. At ang Allâh (ﷻ) na Luwalhati sa Kanya, ay Siyang lumikha ng mga kalangitan at ng kalupaan nang makatotohanan; na kung kaya, alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang Araw ng Muling Pagkabuhay, na kung saan, sasabihin ng Allâh (ﷻ) na: '*Kun fayakûn!*' – mangyari at kaagad na mangyayari ang Kanyang kagustuhan sa isang iglap lamang o mas mabilis pa kaysa rito. Ang Kanyang Salita ay Ganap na Katotohanan.

Siya lamang ang Bukod-Tanging Nagmamay-ari ng lahat, sa Araw na hihipan ng anghel ang '*As-Sur*' (Trumpeta), sa ikalawang pag-ihip na kung saan kapag ito ay naganap ay magbabalikan ang mga kaluluwa sa kani-kanilang mga katawan.

At Siya na Luwalhati sa Kanya, ay '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam, O mga tao, kung anuman ang bagay na hindi ninyo alam at maging ang mga bagay na inyong nakikita, na inilalagay Niya ang lahat ng bagay sa tamang dapat nitong paglagyan; na Siya ay '***Al-Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya ang lahat sa Kanyang mga nilikha.

At ang Allâh (ﷻ), Siya lamang ang Bukod-Tanging nagtatangan ng mga bagay na ito at ng iba pang mga katangian na angkop na angkop lamang sa Kanya, sa umpisa pa lamang ng paglikha ng lahat at sa katapusan nito, at kung paano ito nagsimula at saan ito tutungo, at Siya ang Bukod-Tangi na karapat-dapat lamang na sambahin; at nararapat na sundin ang Kanyang batas, na ang pagsunod sa Kanyang batas ay pag-aasam ng Kanyang Pagmamahal at Kapatawaran.

وَإِذْ قَالَ إِبْرَٰهِيمُ لِأَبِيهِ ءَازَرَ أَتَتَّخِذُ أَصْنَامًا ءَالِهَةً ۖ إِنِّىٓ
أَرَىٰكَ وَقَوْمَكَ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٧٤﴾ وَكَذَٰلِكَ نُرِىٓ إِبْرَٰهِيمَ
مَلَكُوتَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَلِيَكُونَ مِنَ ٱلْمُوقِنِينَ ﴿٧٥﴾
فَلَمَّا جَنَّ عَلَيْهِ ٱلَّيْلُ رَءَا كَوْكَبًا ۖ قَالَ هَٰذَا رَبِّى ۖ فَلَمَّآ أَفَلَ قَالَ
لَآ أُحِبُّ ٱلْءَافِلِينَ ﴿٧٦﴾ فَلَمَّا رَءَا ٱلْقَمَرَ بَازِغًا قَالَ هَٰذَا
رَبِّى ۖ فَلَمَّآ أَفَلَ قَالَ لَئِن لَّمْ يَهْدِنِى رَبِّى لَأَكُونَنَّ مِنَ ٱلْقَوْمِ
ٱلضَّآلِّينَ ﴿٧٧﴾ فَلَمَّا رَءَا ٱلشَّمْسَ بَازِغَةً قَالَ هَٰذَا رَبِّى هَٰذَآ
أَكْبَرُ ۖ فَلَمَّآ أَفَلَتْ قَالَ يَٰقَوْمِ إِنِّى بَرِىٓءٌ مِّمَّا تُشْرِكُونَ ﴿٧٨﴾
إِنِّى وَجَّهْتُ وَجْهِىَ لِلَّذِى فَطَرَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ
حَنِيفًا ۖ وَمَآ أَنَا۠ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿٧٩﴾ وَحَآجَّهُۥ قَوْمُهُۥ ۚ قَالَ
أَتُحَٰٓجُّوٓنِّى فِى ٱللَّهِ وَقَدْ هَدَىٰنِ ۚ وَلَآ أَخَافُ مَا تُشْرِكُونَ بِهِۦٓ
إِلَّآ أَن يَشَآءَ رَبِّى شَيْـًٔا ۗ وَسِعَ رَبِّى كُلَّ شَىْءٍ عِلْمًا ۗ أَفَلَا
تَتَذَكَّرُونَ ﴿٨٠﴾ وَكَيْفَ أَخَافُ مَآ أَشْرَكْتُمْ وَلَا
تَخَافُونَ أَنَّكُمْ أَشْرَكْتُم بِٱللَّهِ مَا لَمْ يُنَزِّلْ بِهِۦ عَلَيْكُمْ
سُلْطَٰنًا ۚ فَأَىُّ ٱلْفَرِيقَيْنِ أَحَقُّ بِٱلْأَمْنِ ۖ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٨١﴾

74. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang pakikipagtalo ni Ibrâhim (عليه السلام) sa kanyang ama na si Âzar, noong sinabi niya sa kanya: "*Itinuturing mo ba ang mga idolo bilang* '*âlihah*' (*mga diyos*) *na sinasamba bukod sa Allâh? Dahil nakikita kita at ang inyong mga kasamahan na nasa malinaw pagkaligaw at pagkalihis mula sa Matuwid na Landas*."

75. At katulad ng paggabay Namin kay Ibrâhim (عليه السلام) tungo sa katotohanan hinggil sa pagsamba, ay ipinakita (rin) Namin sa kanya ang anumang mga nasa kalangitan at kalupaan, bilang dakilang kaharian at kamangha-manghang kapangya-rihan, upang siya ay maging kabilang sa mga matatag at may katiyakang Pananampalataya.

76. Noong dumilim na ang gabi kay Ibrâhim (عليه السلام) at hindi na siya nakikita ng kanyang sambayanan; na upang mapatunayan niya sa kanila na ang kanilang relihiyon ay mali at sila ay sumasamba sa mga bituin. Nang nakita ni Ibrâhim (عليه السلام) ang bituin ay sinabi niya sa kanyang sambayanan – upang patunayan niya nang paunti-unti ang hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ): "*Ito ang aking* '*Rabb*,'" subali't noong lumubog (o naglaho na) ang bituin, kanyang sinabi: "*Hindi ko gusto sa mga sinasamba ang mga lumulubog*."

77. Noong nakita ni Ibrâhim (عليه السلام) ang buwan na lumitaw, sabi niya sa kanyang sambayanan, para lamang pagbigyan sila: "*Ito ang aking* '*Rabb***.**'" Subali't noong ito ay lumubog na, sinabi niya, bilang pag-aasam sa gabay ng Kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha: "*Kung hindi ako gagabayan ng aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha tungo sa katotohanan sa Kanyang Kaisahan ay magiging kabilang ako sa mga taong naligaw mula sa Tamang Daan na sumamba ng iba bukod sa Allâh*."

78. Noong nakita niyang sumikat ang araw, sinabi niya sa kanyang sambayanan: "*Ito ang aking* '*Rabb*,' *ito ay mas malaki kaysa sa bituin at buwan*," subali't noong lumubog na ang araw, sinabi niya sa kanyang sambayanan: "*Katiyakan*, *ako ay walang pananagutan sa anumang mga itinatambal ninyo na iba sa pagsamba sa Allâh*, *na mga rebulto*, *mga bituin at mga imahen*."

79. Katiyakan, iniharap ko ang aking mukha sa pagsamba sa Allâh (ﷻ) na Kataas-taasan na Bukod-Tangi at Nag-iisa, na Siyang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan bilang pagdadalisay (paglilinis) mula sa '*Shirk*' (pagtatambal o pagsamba ng iba), at ako ay hindi kabilang sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh.

80. At nakipagtalo ang kanyang sambayanan sa kanya hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), sinabi niya: "*Nakikipagtalo ba kayo sa akin hinggil sa pagsamba ko sa Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi at Nag-iisa*, *samantalang ginabayan Niya ako tungo sa pagkakakilala sa Kanyang Kaisahan?*

"*At kung tinatakot ninyo ako na kaya akong ipahamak ng inyong mga sinasamba*, *walang pag-aalinlangan na hindi ako natatakot*, *at ito ay hindi makapagpapahamak sa akin*, *maliban na lamang kung gugustuhin ng aking* '*Rabb*' *na mangyari ang anumang bagay. Saklaw ng aking* '*Rabb*' *sa Kanyang Kaalaman ang lahat ng bagay. Hindi ba kayo nakaaalaala kung gayon*, *nang sa gayon ay malaman ninyo na Siya lamang ang Bukod-Tangi na karapat-dapat sambahin?*"

81. "*At paano ako matatakot sa mga rebulto na inyong sinasamba samantalang kayo ay hindi natatakot sa aking* '*Rabb*' *na Siyang Lumikha sa inyo at sa inyong mga rebulto na inyong itinatambal sa pagsamba sa Kanya*, *gayong wala naman kayong anumang katibayan? Sino ba sa dalawang grupo – ang grupo ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh at ang grupo na tanging sumasamba lamang sa Allâh* (ﷻ), *sino ba ang mas may karapatan na maging mapanatag*, *mapayapa at ligtas sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ)*? Kung alam ninyo na kayo ay totoo sa inyong sinasabi ay sabihin ninyo sa akin.*"


الجزء السابع سورة الأنعام

الَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَلَمْ يَلْبِسُوٓا۟ إِيمَٰنَهُم بِظُلْمٍ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمُ ٱلْأَمْنُ
وَهُم مُّهْتَدُونَ ﴿٨٢﴾ وَتِلْكَ حُجَّتُنَآ ءَاتَيْنَٰهَآ إِبْرَٰهِيمَ عَلَىٰ
قَوْمِهِۦ ۚ نَرْفَعُ دَرَجَٰتٍ مَّن نَّشَآءُ ۗ إِنَّ رَبَّكَ حَكِيمٌ عَلِيمٌ ﴿٨٣﴾
وَوَهَبْنَا لَهُۥٓ إِسْحَٰقَ وَيَعْقُوبَ ۚ كُلًّا هَدَيْنَا ۚ وَنُوحًا
هَدَيْنَا مِن قَبْلُ ۖ وَمِن ذُرِّيَّتِهِۦ دَاوُۥدَ وَسُلَيْمَٰنَ وَأَيُّوبَ
وَيُوسُفَ وَمُوسَىٰ وَهَٰرُونَ ۚ وَكَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٨٤﴾
وَزَكَرِيَّا وَيَحْيَىٰ وَعِيسَىٰ وَإِلْيَاسَ ۖ كُلٌّ مِّنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٨٥﴾
وَإِسْمَٰعِيلَ وَٱلْيَسَعَ وَيُونُسَ وَلُوطًا ۚ وَكُلًّا فَضَّلْنَا عَلَى
ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٨٦﴾ وَمِنْ ءَابَآئِهِمْ وَذُرِّيَّٰتِهِمْ وَإِخْوَٰنِهِمْ ۖ وَٱجْتَبَيْنَٰهُمْ
وَهَدَيْنَٰهُمْ إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٨٧﴾ ذَٰلِكَ هُدَى ٱللَّهِ يَهْدِى
بِهِۦ مَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦ ۚ وَلَوْ أَشْرَكُوا۟ لَحَبِطَ عَنْهُم مَّا كَانُوا۟
يَعْمَلُونَ ﴿٨٨﴾ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ ءَاتَيْنَٰهُمُ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحُكْمَ وَٱلنُّبُوَّةَ ۚ
فَإِن يَكْفُرْ بِهَا هَٰٓؤُلَآءِ فَقَدْ وَكَّلْنَا بِهَا قَوْمًا لَّيْسُوا۟ بِهَا بِكَٰفِرِينَ
﴿٨٩﴾ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ هَدَى ٱللَّهُ ۖ فَبِهُدَىٰهُمُ ٱقْتَدِهْ ۗ قُل لَّآ
أَسْـَٔلُكُمْ عَلَيْهِ أَجْرًا ۖ إِنْ هُوَ إِلَّا ذِكْرَىٰ لِلْعَٰلَمِينَ ﴿٩٠﴾

82. Ang mga yaong naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, na hindi nila hinaluan ang kanilang paniniwala ng ‘*Shirk*’ o pagtatambal, ang para sa kanila ay kapanatagan at kapayapaan, at sila ang ginabayan tungo sa Matuwid na Landas.

83. At yaon ang katibayan na Aming ipinagkaloob kay Ibrâhim (عليه السلام) na siyang ginawa niyang katwiran sa kanyang pakikipagtalo sa kanyang mga sambayanan, hangang sa nagapi niya ang kanilang katibayan.

Iniaangat Namin ng antas ang sinuman na Aming nais mula sa Aming mga alipin, dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay. Katiyakan, ang iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha ang ‘***Hakeem***’ – Ganap na Maalam sa pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha, na ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam at Nakababatid sa kanila.

84. At biniyayaan Namin si Ibrâhim (عليه السلام) sa pamamagitan ng pagkakaloob Namin sa kanya ng anak na si Ishâq (عليه السلام) at inapo na si Ya`qûb (Jacob عليه السلام), at silang dalawa ay ginabayan ng Allâh (سبحانه وتعالى) sa Daan ng Patnubay; at bago kay Ibrâhim, Ishâq at Ya`qûb, ay ginabayan din Namin si Nûh (Noah عليه السلام); at ganoon din, kabilang sa kanyang inapo na ginabayan ay sina Dâwood (David), Sulaymân (Solomon), Ayyûb (Job), Yûsuf (Joseph), Mousã (Moises) at Hâroun (Aaron) (‘`*Alayhimus salâm*’). At ganoon ang paggantimpala Namin sa kanila na mga Propeta sa kanilang kabutihan, na ginagantimpalaan Namin ang lahat ng mababuti.

85. At ginabayan din Namin sina Zakariyã (عليه السلام), Yahyã (Juan عليه السلام), `Îsã (Hesus عليه السلام) at Ilyâs (عليه السلام), na lahat sila ay mga Propeta na kabilang sa mga matatapat.

86. At ginabayan din Namin sina Ismâ`îl (Ishmael عليه السلام), Al-Yasa` (Elisha عليه السلام), Yûnus (Jonah عليه السلام) at saka si Lût (Lot عليه السلام); at lahat sila ay mga Sugo mula sa mga Propeta, na mas pinili Namin kaysa sa ibang mga tao, sa kani-kanilang kapanahunan.

87. At ginabayan din Namin sa katotohanan ang sinuman na Aming nais na gabayan mula sa kanilang mga magulang, sa kanilang mga pamilya at sa kanilang mga kapatid; at pinili Namin sila sa Aming '*Deen*' para sila ang magparating ng Aming mensahe sa mga tao na kung saan sila ay ipinadala, at ginabayan Namin sila sa Tamang Landas nang walang kamalian, na ito ay hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at paglalayo sa Kanya mula sa lahat ng uri ng '*Shirk*' (pagtatambal o pagsamba ng iba).

88. At ang patnubay na ito ay ang Patnubay ng Allâh (ﷻ), na iginagabay Niya sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin. At kahit na sila pa ay mga Propeta, kung sakali na sila ay sasamba ng iba bukod sa Allâh ay mawawalan ng saysay ang lahat ng kanilang ginawa; sapagka't ang Allâh (ﷻ), hindi Niya tinatanggap ang anumang gawa na may kahalong '*Shirk*.'

89. Sila na mga Propeta, na biniyayaan Namin ng patnubay at pagiging Propeta, na sila ang mga yaong pinagkalooban Namin ng Aklat na katulad ng '*Suhuf*' ni Ibrâhim (عليه السلام), '*Tawrah*' ni Mousã (عليه السلام), '*Zabour*' ni Dâwood (David عليه السلام) at '*Injeel*' ni `Îsã (Hesus عليه السلام); at pinagkalooban Namin sila ng kagalingan sa pagkakaunawa sa mga Aklat na ito, at pinili Namin sila para iparating ang Aming '*Wahi*' (o Rebelasyon).

Na kung kaya, kung lalabagin ng mga walang pananampalataya mula sa iyong sambayanan ang mga talata ng Dakilang Qur'ân, O Muhammad (ﷺ), katiyakan ipinagkatiwala Namin ito sa ibang mga tao – ang ibig sabihin ay sa mga '*Muhâjireen*' at mga '*Ansar*,' at ang mga tagasunod nila hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay – na sila ay hindi lalabag, kundi ito ay paniniwalaan nila at tutuparin nila kung anuman ang kanilang pinaniwalaan.

90. Sila na mga Propetang nabanggit ay ang mga yaong ginabayan ng Allâh (ﷻ) tungo sa Kanyang Tunay na '*Deen*' (o Relihiyon); na kung kaya, tahakin mo ang kanilang mga Daan, O Muhammad (ﷺ).

Sabihin mo sa mga '*Mushrikin*:' "*Hindi ako humihingi sa inyo ng kapalit na makamundong bagay sa aking pagpaparating sa inyo ng Islâm*, *dahil ang aking gantimpala ay mula lamang sa Allâh* (ﷻ)*. At walang anumang mensahe ang Islâm kundi hikayatin ang lahat ng tao tungo sa Matuwid na Daan*, *at paalalahanan kayo at lahat ng katulad ninyo na nananatili sa kamalian*; *nang sa gayon*, *ay makaalaala kayo sa anumang bagay na kapaki-pakinabang sa inyo*."


وَمَا قَدَرُوا۟ ٱللَّهَ حَقَّ قَدْرِهِۦٓ إِذْ قَالُوا۟ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ عَلَىٰ بَشَرٍ مِّن شَىْءٍ ۗ
قُلْ مَنْ أَنزَلَ ٱلْكِتَٰبَ ٱلَّذِى جَآءَ بِهِۦ مُوسَىٰ نُورًا وَهُدًى لِّلنَّاسِ
تَجْعَلُونَهُۥ قَرَاطِيسَ تُبْدُونَهَا وَتُخْفُونَ كَثِيرًا ۚ وَعُلِّمْتُم مَّا لَمْ تَعْلَمُوٓا۟
أَنتُمْ وَلَآ ءَابَآؤُكُمْ ۖ قُلِ ٱللَّهُ ۙ ثُمَّ ذَرْهُمْ فِى خَوْضِهِمْ يَلْعَبُونَ ﴿٩١﴾
وَهَٰذَا كِتَٰبٌ أَنزَلْنَٰهُ مُبَارَكٌ مُّصَدِّقُ ٱلَّذِى بَيْنَ يَدَيْهِ وَلِتُنذِرَ
أُمَّ ٱلْقُرَىٰ وَمَنْ حَوْلَهَا ۗ وَٱلَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِٱلْءَاخِرَةِ يُؤْمِنُونَ بِهِۦ
وَهُمْ عَلَىٰ صَلَاتِهِمْ يُحَافِظُونَ ﴿٩٢﴾ وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ ٱفْتَرَىٰ عَلَى
ٱللَّهِ كَذِبًا أَوْ قَالَ أُوحِىَ إِلَىَّ وَلَمْ يُوحَ إِلَيْهِ شَىْءٌ وَمَن قَالَ سَأُنزِلُ
مِثْلَ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ ۗ وَلَوْ تَرَىٰٓ إِذِ ٱلظَّٰلِمُونَ فِى غَمَرَٰتِ ٱلْمَوْتِ
وَٱلْمَلَٰٓئِكَةُ بَاسِطُوٓا۟ أَيْدِيهِمْ أَخْرِجُوٓا۟ أَنفُسَكُمُ ۖ ٱلْيَوْمَ
تُجْزَوْنَ عَذَابَ ٱلْهُونِ بِمَا كُنتُمْ تَقُولُونَ عَلَى ٱللَّهِ غَيْرَ ٱلْحَقِّ
وَكُنتُمْ عَنْ ءَايَٰتِهِۦ تَسْتَكْبِرُونَ ﴿٩٣﴾ وَلَقَدْ جِئْتُمُونَا فُرَٰدَىٰ
كَمَا خَلَقْنَٰكُمْ أَوَّلَ مَرَّةٍ وَتَرَكْتُم مَّا خَوَّلْنَٰكُمْ وَرَآءَ ظُهُورِكُمْ ۖ
وَمَا نَرَىٰ مَعَكُمْ شُفَعَآءَكُمُ ٱلَّذِينَ زَعَمْتُمْ أَنَّهُمْ فِيكُمْ شُرَكَٰٓؤُا۟ ۚ
لَقَد تَّقَطَّع بَيْنَكُمْ وَضَلَّ عَنكُم مَّا كُنتُمْ تَزْعُمُونَ ﴿٩٤﴾

91. Hindi nila iginalang ang Allâh (ﷻ) nang karapat-dapat na paggalang para sa Kanya, noong sila ay hindi naniwala na ang Allâh (ﷻ) ay nagpahayag ng anumang kapayahagan sa sinumang tao.

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Kung ang katulad ng inyong inaangkin ay katotohanan*, *sino kung gayon*, *ang nagpahayag ng Aklat na dala-dala ni Mousã sa kanyang sambayanan bilang Liwanag sa sangkatauhan at Gabay sa kanila?*" Pagkatapos ay inihayag niya ang mga salita sa mga Hudyo para pigilan sila sa kanilang maling gawain, sa pagsasabi sa kanila ng: "*Pinaghiwa-hiwalay ninyo ang Aklat sa pira-pirasong pahina*, *at pagkatapos inilantad ninyo ang iba at ang karamihan dito ay inilihim ninyo*, *at kabilang sa inyong inilihim ay ang kapahayagan hinggil sa katangian ni Muhammad* (ﷺ) *at ang kanyang pagiging Propeta*.

"*At tinuruan kayo ng Allâh* (ﷻ), *O kayong mga Arabo*, *ng Dakilang Qur'ân*, *na Kanyang ipinahayag sa inyo*, *na kung saan nandoroon ang mga kuwento ng mga nauna sa inyo at ng mga susunod pa sa inyo pagkatapos ninyong mamatay*, *na ito ay wala kayong kaalam-alam*, *kayo at ang inyong mga ninuno*." Sabihin mo: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ang Siyang nagpahayag nito*." Pagkatapos ay pabayaan mo na sila sa kanilang mga walang kabuluhan na sinasabi at pakikipagtalo.

92. At ang Aklat na ito na Qur'ân na Aming ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ay isang mabiyayang Aklat, na nagpapatunay sa mga naunang Aklat kaysa rito, na ipinahayag Namin ito upang balaan ang mga taga-Makkah mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) at ang mga nasa palibot doon na mula sa iba't ibang dako ng daigdig. At ang yaong mga naniwala sa Kabilang-Buhay, na pinaniniwalaan nila na ang Dakilang Qur'ân na ito ay salita ng Allâh (ﷻ), at pinangangalagaan ang pagsagawa ng '*Salâh*' sa tamang oras.

93. At sino pa ba ang higit na di-makatarungan kaysa sa isa na nag-iimbento ng kasinungalingan laban sa Allâh, at inaangkin niya na walang sinuman ang

ipinadala sa mga tao bilang Sugo; o inaangkin niya bilang pagsisinungaling laban sa Allâh, na ang Allâh (ﷻ) ay nagpahayag sa kanya, gayong walang anumang ipinahayag sa kanya; o inaangkin niya na kaya niyang magpahayag na tulad ng ipinahayag ng Allâh (ﷻ) na Qur'ân?

At kung makikita mo, O Muhammad (ﷺ), sila na mga sukdulan ang kanilang kasamaan, habang sila ay naghihirap sa oras ng kanilang kamatayan, at ang mga anghel na humahablot ng kanilang mga kaluluwa ay nakalahad ang kanilang mga kamay sa pagpaparusa, na kanilang sinasabi sa kanila (na masasama): "*Ilabas ninyo ang inyong mga kaluluwa*, *dahil ngayon ay ipapahamak kayo nang matinding pagkapahamak*, *na katulad ng ginawa ninyo noon na pagsisinungaling laban sa Allâh*; *at ang kinagawian ninyong pagtanggi at pagmamataas sa pagsunod sa mga talata ng Allâh at sa Kanyang mga Sugo*."

94. At katiyakan, dumating na kayo sa Amin para sa paghuhukom at pagbabayad na isa-isa; na katulad ng pagkakalikha Namin sa inyo rito sa daigdig sa unang pagkakataon, na mga nakayapak at wala na kahit na anumang kasuotan.

At iniwan na ninyo ang anumang Aming ipinagkaloob sa inyo na inyong ipinagmamalaki na yaman dito sa daigdig, at hindi na Namin nakikita na kasama ninyo sa Kabilang-Buhay ang inyong mga rebulto o mga imahen na inyong pinaniniwalaan na siyang (inaasahan ninyong) magliligtas sa inyo, at inaangkin ninyo na ito ay mga katambal na sinasamba ninyo kasama sa Allâh.

Katiyakan, na nawala na ang inyong kumunikasyon sa kanila na katulad ng ginawa ninyong pakikipag-kumunikasyon sa kanila sa daigdig, at naglaho na sa inyong mga sarili ang mga dati ninyong inaangkin at sinasamba na mga diyus-diyusan, at pinaniniwalaan ninyo na ang mga ito ay katambal ng Allâh sa pagsamba sa Kanya; at naging malinaw na sa inyo na kayo ay talunan na wala nang pakinabang sa inyong mga sarili, sa inyong mga pamilya at mga kayamanan.



95. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), sinasanhi Niya na mabiyak ang butil, upang sumibol mula roon ang punla, at sinasanhi rin Niya na mabiyak ang buto upang sumibol mula roon ang puno, at inilalabas (Niya) ang buhay mula sa walang buhay na katulad ng tao at hayop na mula sa semilya; at inilalabas Niya ang walang buhay mula sa buhay na bagay, na katulad ng semilya mula sa tao at hayop.

At ganito ang Allâh (ﷻ), na ang ibig sabihin: "*Ang gumagawa nito ay ang Allâh* (ﷻ) *lamang na Bukod-Tangi na walang katambal*, *na Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin*, *kung gayon paano ninyo iniligaw ang inyong mga sarili mula sa katotohanan tungo sa kamalian at sumamba kayo ng iba bukod sa Kanya?*"

96. Ang Allâh (ﷻ) ay Siyang nagsasanhi na pumitak ang liwanag ng umaga mula sa kadiliman ng gabi. At ginawa Niya ang gabi bilang pahingahan, tumitigil ang lahat ng mga gumagalaw at nananahimik, at ginawa Niya ang araw at buwan na tumatakbo sa mga '*orbit*' (landas o ligiran) nito sa pinakaangkop na ayos na hindi nababago at hindi nagkakagulu-gulo.

Ganito ang pagkakatakda ng Allâh na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang mga Kaharian, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa anumang nakabubuti sa Kanyang mga nilikha at Tagapangasiwa sa kanila. Ang '***Al-`Azeez***' at '***Al-`Aleem***' ay kabilang sa mga magagandang Pangalan ng Allâh (ﷻ) na tumutukoy sa kaganapan ng Kanyang pagiging Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan at pagiging Ganap na Nakaaalam.

97. At ang Allâh (ﷻ) na Siyang gumawa para sa inyo, O kayong mga tao, ng mga bituin bilang mga palatandaan, na sa pamamagitan nito ay nababatid ninyo ang inyong mga pinagdaraanan sa gabi, kapag kayo ay naligaw dahil sa matinding kadiliman sa kapatagan o sa karagatan, katiyakang ipinaliliwanag Namin sa inyo nang ganap ang mga malilinaw na palatandaan; upang ito ay mawari ng mga maalam mula sa inyo, ang hinggil sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang batas.

98. At ang Allâh (ﷻ) na Siyang nagpanimula ng paglikha sa inyo, O kayong mga tao, mula kay Âdam (عليه السلام), noong siya ay nilikha mula sa alabok, at pagkatapos kayo naman ay nanggaling sa kanyang lahi, ginawa Niya na kayo ay malagak sa isang ligtas na lugar, na pansamantalang inyong pinanatilihan, na ito ay sinapupunan ng mga kababaihan at ang lugar ng imbakan na kung saan kayo ay pinangalagaan na ito ay sa '*sulb*' o gulugod (o '*backbone*') ng mga kalalakihan. Katiyakan, Aming ipinaliliwanag ang mga katibayan at ginawa Naming daan sa mga taong nakaiintindi ng mga katibayan at mga aral.

99. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagbaba mula sa mga ulap ng mga tubig-ulan at sa pamamagitan nito ay sumisibol ang mga halamanan at ang lahat ng mga uri ng pananim; at sumisibol mula sa mga pananim na ito ang mga gulay, mga puno, mga halaman at mga punong luntian, pagkatapos ay sumisibol mula sa mga pananim ang mga butil na makakapal, mga butil trigo, palay at iba pa; at sumisibol mula sa ubod ng '*Thamr*' ('*datiles*') ang bunga nito na nakalaylay at madaling pitasin. At pinasisibol din ng Allâh (ﷻ) ang mga halamanan ng mga ubas, at ganoon din ang mga puno ng oliba ('*olives*') at '*rumman*' (granada o '*pomegranates*'); magkakatulad na mga dahon subali't magkakaiba ang mga bunga, hitsura at lasa, at ang katangian nito. Pagmasdan ninyo, O kayong mga tao, ang bunga ng mga pananim kapag ito ay namumunga na, at ang paghinog nito pagdating ng panahon ng taghinog nito. Katiyakan, sa mga bagay na ito, O kayong mga tao, ay may masasaganang palatandaan sa ganap na kapangyarihan ng Lumikha ng mga bagay na ito. At ang Kanyang karunungan at awa sa mga taong naniniwala sa Kanya.

100. Magkagayupaman, inihanay pa rin ng mga '*Mushrikûn*' ang mga '*Jinn*' bilang mga katambal sa pagsamba sa Allâh; sa paniniwala na ang mga ito ay nagdudulot ng pakinabang o kapinsalaan. Walang pag-aalinlangan na nilikha sila ng Allâh (ﷻ) at ang kanilang mga sinasamba mula sa wala, na Siya lamang ang tanging Tagapaglikha; na kung kaya, nararapat lamang na Siya ay sambahin nang walang katambal.

At katiyakan, nagparatang ang mga '*Mushrikûn*' ng kasinungalingan laban sa Allâh (ﷻ), na itinatangi nila sa Allâh (ﷻ) ang mga anak na mga kalalakihan at mga kababaihan; dahil sa kanilang kamangmangan sa ganap na katangian ng Allâh (ﷻ). '***Sub-hâ-na-hu wa Ta`âlâ***' – Luwalhati sa Kanya at Kataas-taasan, na malayo sa anumang itinatangi ng mga '*Mushrikûn*' sa Kanya na mga kasinungalingan at pag-iimbento (o haka-haka).

101. Ang Allâh (ﷻ), Siya ang '***Badi`***' – Nagpasimula ng paglikha ng mga kalangitan at ng kalupaan at ang anuman na nilalaman ng mga ito, nang wala Siyang pinaggayahan; kung gayon, paano Siya magkakaroon ng anak samantalang wala naman Siyang asawa? Lubusan na Napakataas ng Allâh (ﷻ) hinggil sa mga maling pag-aangkin ng mga '*Mushrikûn*,' dahil Siya ang Lumikha ng lahat ng bagay mula sa wala, at Siya ang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam na walang anumang bagay ang naililihim sa Kanya hinggil sa Kanyang mga nilikha.


ذَٰلِكُمُ ٱللَّهُ رَبُّكُمْ ۖ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ خَٰلِقُ كُلِّ شَىْءٍ
فَٱعْبُدُوهُ ۚ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ وَكِيلٌ ﴿١٠٢﴾ لَّا تُدْرِكُهُ
ٱلْأَبْصَٰرُ وَهُوَ يُدْرِكُ ٱلْأَبْصَٰرَ ۖ وَهُوَ ٱللَّطِيفُ ٱلْخَبِيرُ ﴿١٠٣﴾
قَدْ جَآءَكُم بَصَآئِرُ مِن رَّبِّكُمْ ۖ فَمَنْ أَبْصَرَ فَلِنَفْسِهِۦ ۖ وَمَنْ عَمِىَ
فَعَلَيْهَا ۚ وَمَآ أَنَا۠ عَلَيْكُم بِحَفِيظٍ ﴿١٠٤﴾ وَكَذَٰلِكَ نُصَرِّفُ
ٱلْءَايَٰتِ وَلِيَقُولُوا۟ دَرَسْتَ وَلِنُبَيِّنَهُۥ لِقَوْمٍ يَعْلَمُونَ ﴿١٠٥﴾
ٱتَّبِعْ مَآ أُوحِىَ إِلَيْكَ مِن رَّبِّكَ ۖ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ وَأَعْرِضْ عَنِ
ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١٠٦﴾ وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ مَآ أَشْرَكُوا۟ ۖ وَمَا جَعَلْنَٰكَ عَلَيْهِمْ
حَفِيظًا ۖ وَمَآ أَنتَ عَلَيْهِم بِوَكِيلٍ ﴿١٠٧﴾ وَلَا تَسُبُّوا۟ ٱلَّذِينَ
يَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ فَيَسُبُّوا۟ ٱللَّهَ عَدْوًۢا بِغَيْرِ عِلْمٍ ۗ كَذَٰلِكَ زَيَّنَّا
لِكُلِّ أُمَّةٍ عَمَلَهُمْ ۖ ثُمَّ إِلَىٰ رَبِّهِم مَّرْجِعُهُمْ فَيُنَبِّئُهُم بِمَا كَانُوا۟
يَعْمَلُونَ ﴿١٠٨﴾ وَأَقْسَمُوا۟ بِٱللَّهِ جَهْدَ أَيْمَٰنِهِمْ لَئِن جَآءَتْهُمْ ءَايَةٌ
لَّيُؤْمِنُنَّ بِهَا ۖ قُلْ إِنَّمَا ٱلْءَايَٰتُ عِندَ ٱللَّهِ ۖ وَمَا يُشْعِرُكُمْ أَنَّهَآ إِذَا
جَآءَتْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿١٠٩﴾ وَنُقَلِّبُ أَفْـِٔدَتَهُمْ وَأَبْصَٰرَهُمْ كَمَا لَمْ
يُؤْمِنُوا۟ بِهِۦٓ أَوَّلَ مَرَّةٍ وَنَذَرُهُمْ فِى طُغْيَٰنِهِمْ يَعْمَهُونَ ﴿١١٠﴾

102. Ganito ang Allâh (ﷻ), O kayong mga '*Mushrikûn*,' na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na Kataas-taasan, walang sinumang '*ilâh*' (diyos na sinasamba) o bukod-tanging may karapatan lamang at karapat-dapat na sambahin kundi Siya, nilikha Niya ang lahat ng bagay. Kung gayon, magpakumbaba kayo sa Kanya bilang pagsunod at pagsamba. Siya ang '***Wakeel***' – Tagapangalaga ng lahat ng bagay na Nangangasiwa sa Kanyang mga nilikha.

103. Ang Allâh (ﷻ) ay hindi maaarok ng lahat ng uri ng paningin, dito sa daigdig, subali't sa Kabilang-Buhay ay makikita ng mga mananampalataya ang Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha; at Ganap na Nakikita Niya ang lahat ng paningin at Nababatid Niya ito, at Ganap na Nakaaalam ng lahat ng bagay na kanilang tinataglay; Siya ay '***Al-Latif***' – ang Kapita-Pitagan, ang Pinakadalubhasa, ang Ganap na Tagapangalaga sa mga malalapit sa Kanya, na '***Al-Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakababatid sa lahat ng mga bagay, di man ito kayang abutin ng kaisipan ng tao.

104. Sabihin mo, O Muhammad, sa mga '*Mushrikûn*' na nagtatambal sa pagsamba sa Allâh: "*Katiyakan*, *dumating sa inyo ang mga malilinaw na palatandaan*, *na sa pamamagitan nito ay makikita ang patnubay mula sa pagkaligaw*, *na ito ay ang anumang nilalaman ng Dakilang Qur'ân at ang dala-dala ng Sugo* (*na si Muhammad* ﷺ).

"*At sa sinuman na naging malinaw sa kanya ang mga palatandaan at pagkatapos ito ay kanyang pinaniwalaan*, *walang pag-aalinlangan na siya ay nakagawa ng kabutihan sa kanyang sarili*; *at sino naman ang hindi nakita ang patnubay pagkatapos naging malinaw sa kanya ang katibayan ay katotohanan na hinamak niya ang kanyang sarili.*

"*At hindi ako ang tagapagmasid sa inyong mga ginagawa*, *kundi ako ay tagapagpahayag lamang*, *at ang Allâh* (ﷻ) *ang Siyang gumagabay sa sinuman na Kanyang nais at inililigaw ang sinuman na Kanyang nais ayon sa Kanyang Ganap na Kaalaman*, *pagiging Ganap na Makatarungan at Ganap na Karunungan*."

105. At sa ganito Namin ipinaliliwanag sa Dakilang Qur'ân, ang mga malilinaw na palatandaan, sa mga '*Mushrikin*' hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at pagka-Propeta ni Propeta Muhammad (ﷺ) at sa kanilang patutunguhan.

Nililiwanag Namin sa kanila ang mga palatandaan sa lahat ng bagay na hindi nila alam, subali't sinasabi nila bilang pagsisinungaling: "*Ito ay natutunan mo lamang mula sa* '*Ahlul Kitâb*' *– mga nagtatangan ng Kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano*," at upang maipahayag Namin ang katotohanan sa mga taong nakaiintindi nito, at pagkatapos ay kanilang tatanggapin at susundin; na kung kaya, sila ang mga naniwala sa Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ) at ang anumang ipinahayag sa kanya.

106. Sundin mo, O Muhammad (ﷺ), ang anumang Aming ipinahayag sa iyo na batas na pag-uutos at pagbabawal, na ang pinakadakila sa lahat ng ito ay ang hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at ang paghihikayat sa iba hinggil dito, at hayaan mo na ang pagmamatigas ng mga '*Mushrikûn*' at ang kanilang mga maling paratang.

107. At kung nanaisin lamang ng Allâh (ﷻ) sa mga '*Mushrikin*,' na hindi sila sasamba ng iba bukod sa Kanya ay hindi mangyayari na sila ay sasamba roon, subali't ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakaaalam sa anumang mangyayari na pagpili nila nang mali at sa kanilang pagsunod sa kanilang maling sariling kagustuhan.

At hindi ka Namin ginawa, O Muhammad (ﷺ), na tagapagmasid o kanilang tagapangalaga upang sila'y pangalagaan sa kanilang mga ginagawa o anumang kanilang ikabubuti.

108. O kayong mga Muslim! Huwag ninyong kutyain (insultuhin) ang mga rebulto o anumang sinasamba ng mga '*Mushrikûn*,' upang hindi ito ang maging dahilan ng kanilang pangungutya (pang-iinsulto) sa Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang kamangmangan o pagbibigay ng paratang sa Kanya na wala naman silang kaalaman.

At kung paano Namin ginawa na maging kaiga-igaya sa kanila ang kanilang mga masasamang gawa bilang kaparusahan sa kanilang maling pagpili, ay ginawa rin Naming kaiga-igaya sa bawa't sambayanan ang kanilang mga ginagawa; pagkatapos sila ay magbabalik lahat sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at sasabihin sa kanila kung ano ang kanilang ginawa rito sa daigdig, at pagkatapos ay tutumbasan sila ayon sa mga gawaing kinagawian nilang gawin.

109. At sumumpa sila na mga '*Mushrikûn*' nang matibay na panunumpa: "*Na kung magdadala sa amin si Muhammad* (ﷺ) *ng tanda ng himala*, *ay walang pag-aalinlangan na maniniwala kami sa kanyang dala-dala*," sabihin mo sa kanila, O

Muhammad (ﷺ): "*Ang himala na nangyayari ay mula lamang sa Allâh* (ﷻ), *na Siya lamang ang may kakayahan na gawin ito*, *kung ito ay Kanyang nais. At ano ang magpapabatid sa inyo*, *O kayong mga mananampalataya*, *na kapag dumating sa kanila ang mga himalang ito ay hindi pa rin sila maniniwala?*"

110. At Aming ibabaling ang kanilang mga puso at mga paningin, at ilalayo Namin sila at hindi na sila makikinabang pa sa mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) at sa mga talata ng Dakilang Qur'ân; na kung kaya, hindi na sila maniniwala na katulad ng hindi nila paniniwala noong una itong ipinahayag, at pababayaan Namin sila sa kanilang paglabag sa Allâh (ﷻ) na hindi na sila mapapatnubayan pa tungo sa katotohanan, na sila ay parang mga gumagala-gala na bulag.


وَلَوْ أَنَّنَا نَزَّلْنَا إِلَيْهِمُ الْمَلَٰٓئِكَةَ وَكَلَّمَهُمُ الْمَوْتَىٰ وَحَشَرْنَا
عَلَيْهِمْ كُلَّ شَيْءٍ قُبُلًا مَّا كَانُوا لِيُؤْمِنُوٓا إِلَّآ أَن يَشَآءَ اللَّهُ وَلَٰكِنَّ
أَكْثَرَهُمْ يَجْهَلُونَ ﴿١١١﴾ وَكَذَٰلِكَ جَعَلْنَا لِكُلِّ نَبِيٍّ عَدُوًّا
شَيَٰطِينَ الْإِنسِ وَالْجِنِّ يُوحِي بَعْضُهُمْ إِلَىٰ بَعْضٍ زُخْرُفَ
الْقَوْلِ غُرُورًا وَلَوْ شَآءَ رَبُّكَ مَا فَعَلُوهُ فَذَرْهُمْ وَمَا يَفْتَرُونَ
﴿١١٢﴾ وَلِتَصْغَىٰٓ إِلَيْهِ أَفْـِٔدَةُ الَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِالْآخِرَةِ
وَلِيَرْضَوْهُ وَلِيَقْتَرِفُوا مَا هُم مُّقْتَرِفُونَ ﴿١١٣﴾ أَفَغَيْرَ اللَّهِ
أَبْتَغِي حَكَمًا وَهُوَ الَّذِيٓ أَنزَلَ إِلَيْكُمُ الْكِتَٰبَ مُفَصَّلًا
وَالَّذِينَ ءَاتَيْنَٰهُمُ الْكِتَٰبَ يَعْلَمُونَ أَنَّهُۥ مُنَزَّلٌ مِّن رَّبِّكَ بِالْحَقِّ
فَلَا تَكُونَنَّ مِنَ الْمُمْتَرِينَ ﴿١١٤﴾ وَتَمَّتْ كَلِمَتُ رَبِّكَ صِدْقًا
وَعَدْلًا لَّا مُبَدِّلَ لِكَلِمَٰتِهِۦ وَهُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ ﴿١١٥﴾ وَإِن
تُطِعْ أَكْثَرَ مَن فِى الْأَرْضِ يُضِلُّوكَ عَن سَبِيلِ اللَّهِ إِن
يَتَّبِعُونَ إِلَّا الظَّنَّ وَإِنْ هُمْ إِلَّا يَخْرُصُونَ ﴿١١٦﴾ إِنَّ رَبَّكَ هُوَ
أَعْلَمُ مَن يَضِلُّ عَن سَبِيلِهِۦ وَهُوَ أَعْلَمُ بِالْمُهْتَدِينَ ﴿١١٧﴾
فَكُلُوا مِمَّا ذُكِرَ اسْمُ اللَّهِ عَلَيْهِ إِن كُنتُم بِـَٔايَٰتِهِۦ مُؤْمِنِينَ ﴿١١٨﴾

111. At kahit na tugunan pa Namin ang kanilang kahilingan at magpadala Kami sa kanila ng mga anghel mula sa kalangitan, at buhayin pa Namin para sa kanila ang mga namatay at makipag-usap ang mga ito sa kanila, at pagsama-samahin pa Namin ang lahat ng kanilang mga kahilingan, at ito ay makita nila sa kanilang mga harapan, ay hindi pa rin sila maniniwala sa paghahayag mo ng mensahe, O Muhammad (ﷺ); at hindi rin nila ito susundin maliban na lamang sa sinuman na ninais ng Allâh (ﷻ) na mapatnubayan, subali't ang karamihan sa kanila na mga walang pananampalataya ay walang kaalam-alam hinggil sa katotohanan na dala-dala mo mula sa Allâh (ﷻ).

112. At kung paano ka Namin sinubukan, O Muhammad (ﷺ), dahil sa iyong mga kalaban na '*Mushrikin*;' ay sinubok din Namin ang lahat ng mga Propeta sa kanilang mga kalaban mula sa mga lumabag o naghimagsik mula sa kanilang mga sambayanan; at mga kalaban na nagmula sa mga masasamang '*Jinn*,' na nag-uudyukan sila sa isa't isa (o nagbibigay ng inspirasyon sa isa't-isa) na mga pinagagandang salitang kamalian; upang malinlang ang sinumang makarinig nito, at mailigaw mula sa Daan ng Allâh.

Kung ninais lamang ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay haharangan sila at hindi sila makikipaglaban, subali't ito ay mga pagsubok na mula sa Allâh (ﷻ); na kung kaya, pabayaan mo na sila sa kanilang mga maling paratang at kasinungalingan.

113. At nang sa gayon ay kumiling (o bumaling) sa ganito ang mga puso ng mga walang pananampalataya na hindi naniniwala sa Kabilang-Buhay at hindi naghahanda para rito, at upang maging kaiga-igaya sa kanilang mga sarili ang kamalian, at upang tuluyan nilang magawa ang kasamaan na kanilang ginagawa. Na samakatuwid, ito ang matinding babala para sa kanila.

114. Sabihin mo, O Muhammad, sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Ako ba ay maghahangad pa ng ibang hukom bukod sa Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Ilâh*' (*Diyos na sinasamba*) *at inyong* '*Ilâh*' *para maging hukom sa pagitan natin*, *samantalang*

ang Allâh (ﷻ) *ang Siyang nagpadala sa inyo ng Dakilang Qur'ân*, *na ganap na naglilinaw ng batas hinggil sa kung ano ang pinagtatalunan ninyo patungkol sa akin at sa inyo?*"

At ang mga angkan ni Isrâ`îl na pinagkalooban ng '*Tawrah*' at '*Injeel*,' ay batid nila na ang Dakilang Qur'ân ay ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), mula sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang katotohanan; na kung kaya, huwag na huwag kang pabibilang sa mga yaong nag-aalinlangan sa anuman na Aming ipinahayag sa iyo.

115. At ang salita ng iyong '*Rabb*' na Kabanal-banalan na Qur'ân ay naisakatuparan, sa pagiging totoo nito sa ibinabalita at inihahayag at sa pagiging makatarungan sa Kanyang batas; na kung kaya, walang sinuman ang magkakaroon ng kakayahan na baguhin ang Kanyang mga salita at ganap na batas. At ang Allâh (ﷻ) ay '***As-Samee***`' – ang Ganap na Nakakarinig sa sinasabi ng Kanyang mga alipin, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa anuman na nakalantad o lihim hinggil sa kanila.

116. At kung sakali man na sinunod mo, O Muhammad, ang karamihan na mga tao sa daigdig, ay tiyak na ililigaw ka nila mula sa '*Deen*' ng Allâh; at wala silang sinusunod kundi haka-haka bilang panggagaya sa kanilang mga ninuno at wala silang ginagawa kundi pag-iisip lamang ng mga haka-haka at pagsisinungaling.

117. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, Siya ang Ganap na Nakaaalam ng mga naligaw mula sa Matuwid na Landas, at Ganap na Nakaaalam kung sinuman sa inyo o kanila ang nasa Matuwid na Landas at Patnubay, walang anuman ang naililihim sa Kanya hinggil sa kanila.

118. Na kung kaya, kumain kayo mula sa mga kinatay sa Pangalan ng Allâh (ﷻ), kung kayo ay naniniwala sa malilinaw na mga palatandaan ng Allâh (ﷻ).


وَمَا لَكُمْ أَلَّا تَأْكُلُوا مِمَّا ذُكِرَ اسْمُ اللَّهِ عَلَيْهِ وَقَدْ فَصَّلَ
لَكُمْ مَا حَرَّمَ عَلَيْكُمْ إِلَّا مَا اضْطُرِرْتُمْ إِلَيْهِ ۗ وَإِنَّ كَثِيرًا لَيُضِلُّونَ
بِأَهْوَائِهِمْ بِغَيْرِ عِلْمٍ ۗ إِنَّ رَبَّكَ هُوَ أَعْلَمُ بِالْمُعْتَدِينَ ﴿١١٩﴾
وَذَرُوا ظَاهِرَ الْإِثْمِ وَبَاطِنَهُ ۚ إِنَّ الَّذِينَ يَكْسِبُونَ الْإِثْمَ
سَيُجْزَوْنَ بِمَا كَانُوا يَقْتَرِفُونَ ﴿١٢٠﴾ وَلَا تَأْكُلُوا مِمَّا لَمْ يُذْكَرِ
اسْمُ اللَّهِ عَلَيْهِ وَإِنَّهُ لَفِسْقٌ ۗ وَإِنَّ الشَّيَاطِينَ لَيُوحُونَ إِلَىٰ
أَوْلِيَائِهِمْ لِيُجَادِلُوكُمْ ۖ وَإِنْ أَطَعْتُمُوهُمْ إِنَّكُمْ لَمُشْرِكُونَ ﴿١٢١﴾
أَوَمَنْ كَانَ مَيْتًا فَأَحْيَيْنَاهُ وَجَعَلْنَا لَهُ نُورًا يَمْشِي بِهِ فِي
النَّاسِ كَمَنْ مَثَلُهُ فِي الظُّلُمَاتِ لَيْسَ بِخَارِجٍ مِنْهَا ۚ كَذَٰلِكَ
زُيِّنَ لِلْكَافِرِينَ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿١٢٢﴾ وَكَذَٰلِكَ جَعَلْنَا
فِي كُلِّ قَرْيَةٍ أَكَابِرَ مُجْرِمِيهَا لِيَمْكُرُوا فِيهَا ۚ وَمَا
يَمْكُرُونَ إِلَّا بِأَنْفُسِهِمْ وَمَا يَشْعُرُونَ ﴿١٢٣﴾ وَإِذَا جَاءَتْهُمْ
آيَةٌ قَالُوا لَنْ نُؤْمِنَ حَتَّىٰ نُؤْتَىٰ مِثْلَ مَا أُوتِيَ رُسُلُ اللَّهِ ۘ
اللَّهُ أَعْلَمُ حَيْثُ يَجْعَلُ رِسَالَتَهُ ۗ سَيُصِيبُ الَّذِينَ أَجْرَمُوا
صَغَارٌ عِنْدَ اللَّهِ وَعَذَابٌ شَدِيدٌ بِمَا كَانُوا يَمْكُرُونَ ﴿١٢٤﴾

119. At ano ba ang nagbabawal sa inyo, O kayong mga Muslim, na kumain sa anumang kinatay sa Pangalan ng Allâh (ﷻ), samantalang ipinahayag ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng mga ipinagbabawal sa inyo? Magkagayunpaman, ang anumang bagay na napilitan kayo dahil sa kagutuman mula sa mga ipinagbabawal sa inyo na katulad ng '*Maytah*,' ay ipinahihintulot sa inyo (sa ganitong pagkakataon). Subali't karamihan sa mga naligaw ay nililihis nila mula sa Daan ng Allâh ang kanilang mga tagasunod, sa pagpapahintulot ng '*Harâm*' at pagbabawal ng '*Halâl*,' dahil sa kanilang sariling pagnanasa, na kanilang kamangmangan.

Katiyakan, ang iyong '*Rabb*,' Siya ang Ganap na Nakaaalam sa sinumang lumabag sa Kanyang batas (na pagpapahintulot at pagbabawal) at Siya rin samakatuwid ang huhukom at magtutumbas nito.

120. At iwasan ninyo, O kayong mga tao, ang lahat ng uri ng kasalanan, maging ito man ay nakalantad o lihim. Katiyakan, ang mga yaong gumagawa ng kasalanan ay paparusahan sila ng kanilang '*Rabb*' dahil sa mga kasamaang ito na kanilang ginawa.

121. At huwag kayong kumain, O kayong mga Muslim, mula sa mga kinatay na hindi sa Pangalan ng Allâh (ﷻ); o namatay na hindi binanggit ang Pangalan ng Allâh (ﷻ), na katulad ng '*Maytah*' at anumang kinatay bilang pag-aalay sa mga rebulto, pag-aatang (o pag-aalay) sa mga '*Jinn*' at iba pa.

At katiyakan, ang pagkain ng mga ganoong uri ng kinatay ay paglabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ). At katiyakan, iniuudyok ito ng mga masasamang '*Jinn*' sa kanilang mga kaibigan na taong '*shaytân*,' upang lituhin sila hinggil sa pagbabawal ng pagkain ng '*Maytah*,' na kung kaya, uutusan sila (ng mga masasamang '*Jinn*') na sabihin sa mga Muslim sa pamamagitan ng pakikipagtalo sa kanila (bilang panlilinlang): "*Katiyakan*, *dahil sa pagbabawal ninyo ng*

pagkain ng '*Maytah*' *ay hindi ninyo kinakain ang pinatay ng Allâh*, *samantalang ang kinatay ninyo ay kinakain ninyo*."

Samakatuwid, kung susunod kayo sa kanila, O kayong mga Muslim, sa pagpapahintulot ng ganitong pagkain ay magiging katulad nila kayo sa pagiging '*Mushrik*' (nagtambal sa pagsamba o sumamba ng iba bukod sa Allâh).

122. O siya ba na namatay dahil sa pagkaligaw at nawasak sa matinding pag-aalinlangan; at pagkatapos ay binuhay Namin ang kanyang puso sa paniniwala, at ginabayan Namin tungo rito, at pinatnubayan sa pagsunod sa Kanyang mga Sugo at siya ay nabuhay sa mga liwanag ng patnubay; magiging katulad ba siya ng mga nasa kamangmangan at pagtanggi, na gumagala-gala na ligaw, na hindi na nagabayan tungo sa kaligtasan at wala nang makapagliligtas pa sa kanyang kinaroroonan? Hindi maaaring sila ay magkatulad!

Sa ganoon nalinlang ang walang pananampalatayang ito, na nakikipagtalo sa inyo na mga mananampalataya, na naging kaiga-igaya sa kanya ang kanyang masamang gawain, na ang tingin niya, ito ay mabuti. Na kung kaya, pinaganda sa mga walang pananampalataya ang kanilang mga masasamang gawain upang maging karapat-dapat sila sa kaparusahan.

123. At ganoon ang ginawa (noon) ng mga pinuno ng mga walang pananampalataya sa Makkah, na pagpigil sa '*Deen*' o Relihiyon ng Allâh, na Kami ay naglalagay sa bawa't bayan ng mga masasama na sila ay pinamunuan ng mga nakaaangat sa kanila sa kasamaan upang gumawa ng pakana para pigilan ang Relihiyon ng Allâh, subali't wala silang pinipinsala kundi ang kanilang mga sarili lamang; magkagayunpaman ay hindi nila ito namamalayan.

124. At kapag dumating sa kanila na mga '*Mushrikin*' sa Makkah (noon) ang malinaw na katibayan sa pagiging Propeta ni Muhammad (ﷺ), sasabihin ng ilan sa kanila na nakatataas: "*Kailanman ay hindi kami maniniwala sa kanyang pagiging Propeta hangga't hindi kami pinagkakalooban ng Allâh* (ﷻ) *ng katibayan at mga himala na katulad ng Kanyang ipinagkaloob sa mga naunang mga Sugo*." At sinagot sila ng Allâh (ﷻ) at Kanyang sinabi: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ang Siyang Ganap na Nakaaalam kung kanino Niya dapat ipagkaloob ang Kanyang mensahe*, *na ang ibig sabihin ay sa mga yaong karapat-dapat sa pagpapahayag ng mensahe at sa pagpaparating nito sa mga tao*."

Walang pag-aalinlangan, makakamtan ng mga sukdulan ang kasamaan ang kapahamakan; at para sa kanila ang masidhing kaparusahan sa Impiyernong-Apoy, dahil sa kanilang mga pakana laban sa Islâm at sa mga tagasunod nito.

125. At sinuman ang ninais ng Allâh (ﷻ) na gabayan upang tanggapin ang katotohanan, ay bubuksan Niya ang kalooban nito sa Islâm; at sinuman ang naisin Niya na maligaw ay gagawin Niya ang kalooban nito na sarado at masikip na siya ay mahihirapan sa pagtanggap ng patnubay, na ang katulad niya ay ang isa na umaakyat paitaas, na nagkakaroon ng paninikip sa kanyang paghinga.

At ganoon ang ginagawa ng Allâh (ﷻ) sa mga kalooban ng mga walang pananampalataya na paninikip, na naninikip ang kanilang dibdib sa paghinga; na ganoon ang ginawang parusa sa mga walang pananampalataya.

126. At ang ipinahayag Naming ito sa iyo, O Muhammad, ang siyang Matuwid na Landas na nag-aakay tungo sa pagmamahal ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at sa Kanyang '*Al-Jannah*' (Hardin). Katiyakan, nililinaw Namin ang mga katibayan sa sinumang nakaaalaala mula sa mga nagmamay-ari ng mga matitinong pag-iisip.

127. Para sa mga nakaaalaala sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang tahanan ng kaligtasan, kapanatagan mula sa anumang hindi kanais-nais, na ito ay '*Al-Jannah*' (Hardin). Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang kanilang magiging Tagapagtaguyod at Tagapangalaga bilang gantimpala sa kanila dahil sa kanilang mga mababuting gawa.

128. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang Araw na titipunin ng Allâh (ﷻ) ang mga walang pananampalataya kasama ang kanilang mga kaibigan na mga '*Shaytân*' na mga '*Jinn*' at Kanyang sasabihin: "*O Kayong mga* '*Jinn!*' *Katiyakan*, *iniligaw ninyo ang maraming tao*." At sasabihin ng kanilang mga kaibigan mula sa mga walang pananampalataya na mga tao: "*O aming* '*Rabb!*' *Nakinabang sa amin ang isa't isa*, *subali't ngayon ay narating na namin ang hangganang itinakda Mo para sa amin na katapusan ng aming buhay sa daigdig*."

Sasabihin ng Allâh (ﷻ) sa kanila: "*Ang Impiyerno ang patutunguhan ninyong lahat*, *na kayo ay mananatili roon magpasawalang-hanggan*, *maliban sa sinumang naisin ng Allâh* (ﷻ) *na hindi manatili roon mula sa mga makasalanan na sumamba sa Kanya nang Bukod-Tangi at Nag-iisa*.

"*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang* '***Hakeem***' – *Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa at ginagawa*, *na* '***`Aleem***' – *Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay sa Kanyang mga alipin*."

129. At kung paano Namin ginawa na maakit ng mga '*Shaytân*' ang mga walang pananampalatayang tao, hanggang sa ang mga ito ay ginawa nilang mga '*awliyâ`*' (tagapangalaga bukod sa Allâh); ay ganoon din Namin ginawa na maakit ng mga masasamang tao ang isa't isa mula sa kanila rito sa daigdig, dahil sa kanilang mga ginagawang kasamaan.

130. O kayong mga '*Mushrikûn*' na mga '*Jinn*' at mga tao! Hindi ba dumating sa inyo ang mga Sugo mula sa inyong lahi, na tagapaghatid sa inyo ng Aking mga malilinaw na mga talata, na nagsasaad hinggil sa mga ipinag-uutos at ipinagbabawal – mabuti at masama; at binabalaan kayo hinggil sa pakikipagharap sa Aking kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay? Sasabihin ng mga '*Mushrikûn*' na mga tao at mga '*Jinn*:' "*Tumestigo kami laban sa aming mga sarili*, *na ang Iyong mga Sugo ay ipinarating sa amin ang Iyong mga talata*, *at binalaan nila kami hinggil sa pagdating ng Araw na ito*, *subali't hindi namin sila pinaniwalaan*," at nalinlang ang mga yaong '*Mushrikin*' sa kinang ng daigdig, at tumestigo sila laban sa kanilang mga sarili, na nilabag nila ang Allâh (ﷻ) at ang Kanyang mga Sugo.

131. At ang pagpapadala Namin ng mga Sugo at pagbababa Namin ng mga Aklat sa mga '*jinn*' at mga tao, ay para wala na silang maikakatwiran pa; dahil hindi pinaparusahan ang sinuman sa kanyang kasamaan kung hindi dumating sa kanya ang mensahe, at hindi Kami nagpaparusa ng kahit sinuman mula sa iba't ibang sambayanan hangga't hindi Kami nagpapadala ng Sugo sa kanila.


وَلِكُلٍّ دَرَجَٰتٌ مِّمَّا عَمِلُوا۟ ۚ وَمَا رَبُّكَ بِغَٰفِلٍ عَمَّا
يَعْمَلُونَ ﴿١٣٢﴾ وَرَبُّكَ ٱلْغَنِىُّ ذُو ٱلرَّحْمَةِ ۚ إِن يَشَأْ
يُذْهِبْكُمْ وَيَسْتَخْلِفْ مِنۢ بَعْدِكُم مَّا يَشَآءُ كَمَآ
أَنشَأَكُم مِّن ذُرِّيَّةِ قَوْمٍ ءَاخَرِينَ ﴿١٣٣﴾ إِنَّ مَا
تُوعَدُونَ لَـَٔاتٍ ۙ وَمَآ أَنتُم بِمُعْجِزِينَ ﴿١٣٤﴾ قُلْ يَٰقَوْمِ
ٱعْمَلُوا۟ عَلَىٰ مَكَانَتِكُمْ إِنِّى عَٰمِلٌ ۖ فَسَوْفَ تَعْلَمُونَ
مَن تَكُونُ لَهُۥ عَٰقِبَةُ ٱلدَّارِ ۖ إِنَّهُۥ لَا يُفْلِحُ ٱلظَّٰلِمُونَ
﴿١٣٥﴾ وَجَعَلُوا۟ لِلَّهِ مِمَّا ذَرَأَ مِنَ ٱلْحَرْثِ وَٱلْأَنْعَٰمِ
نَصِيبًا فَقَالُوا۟ هَٰذَا لِلَّهِ بِزَعْمِهِمْ وَهَٰذَا لِشُرَكَآئِنَا ۖ
فَمَا كَانَ لِشُرَكَآئِهِمْ فَلَا يَصِلُ إِلَى ٱللَّهِ ۖ
وَمَا كَانَ لِلَّهِ فَهُوَ يَصِلُ إِلَىٰ شُرَكَآئِهِمْ ۗ
سَآءَ مَا يَحْكُمُونَ ﴿١٣٦﴾ وَكَذَٰلِكَ زَيَّنَ
لِكَثِيرٍ مِّنَ ٱلْمُشْرِكِينَ قَتْلَ أَوْلَٰدِهِمْ
شُرَكَآؤُهُمْ لِيُرْدُوهُمْ وَلِيَلْبِسُوا۟ عَلَيْهِمْ دِينَهُمْ ۖ
وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ مَا فَعَلُوهُ ۖ فَذَرْهُمْ وَمَا يَفْتَرُونَ ﴿١٣٧﴾

132. At sa bawa't isa na gumagawa ng pagsunod sa Allâh (ﷻ) o paglabag sa Kanya, ay may mga antas batay sa kung ano ang kaniyang nagawa, na kung saan ipaparating ito sa kanya ng Allâh (ﷻ), at ayon sa nagawang yaon ay tutumbasan siya. At kailanman ang iyong '*Rabb*,' O Muhammad (ﷺ), ay hindi Niya Nakaliligtaan ang ginagawa ng sinuman sa Kanyang mga alipin.

133. At ang iyong '*Rabb*,' O Muhammad (ﷺ), ang nag-utos sa mga tao na Siya ay sambahin, Siya ang Bukod-Tangi na '***Al-Ghanee***' – ang Napakayaman na malaya sa lahat ng pangangailangan na Ganap at Walang Kakulangan, na ang lahat ng Kanyang mga nilikha ay nangangailangan sa Kanya sa lahat ng pagkakataon, Siya ang Nagmamay-ari ng napakalawak na awa at habag, na kung gugustuhin lamang Niya na wasakin kayo ay magagawa Niya, at pagkatapos ay palitan kayo ng ibang mga tao pagkatapos ninyong mawasak, na sila ay susunod sa Kanya, na katulad ng Kanyang paglikha sa inyo mula sa lahi ng mga nauna sa inyo.

134. Katiyakan, ang ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa inyo, O kayong mga '*Mushrikûn*,' na kaparusahan dahil sa inyong paglabag, ay katiyakang magaganap sa inyo, at kailanman ay hindi ninyo matatakasan ang inyong '*Rabb*,' dahil Siya ang May Kakayahan na ibalik kayong muli, kahit na naging alabok na kayo o naging mga buto na lamang.

135. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*O kayong mga tao! Gawin na ninyo ang anumang pamamaraan na inyong nais*, *at katiyakan*, *na gagawin ko rin ang anumang pamamaraan na aking nais ayon sa itinala ng aking* '*Rabb*' *sa akin bilang batas*, *at walang pag-aalinlangang mababatid ninyo – sa oras na kayo ay paparusahan – kung sino ang mabuti ang kanyang patutunguhan.*"

Katiyakan, hindi magkakamit ng pagmamahal ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang '*Al-Jannah*' (Hardin) ang sinumang lumabag sa Kanyang batas at gumawa ng

masama, at sumamba ng iba bukod sa Kanya o naglagay ng katambal sa pagsamba sa Kanya.

136. At nagtalaga ang mga '*Mushrikûn*' mula sa mga ilan na mga nilikha ng Allâh, na katulad ng mga pananim, mga bunga at mga hayop; na ito ay kanilang inihahandog sa kanilang mga panauhin at mga mahihirap. At nagtalaga rin sila ng ilang bahagi nito para sa kanilang mga sinasamba bukod sa Allâh, na tulad ng mga imahen at mga rebulto bilang pag-aalay, na kanilang sinasabi: "*Ang kanilang itinalaga para sa kanilang mga sinasamba bukod sa Allâh ay nakakarating sa mga ito subali't hindi nakakarating sa Allâh* (ﷻ)*! Samantalang ang itinalaga nilang bahagi sa Allâh* (ﷻ) *ay nakakarating pa rin sa kanilang tinatawag na* '*mga katambal!*'" Napakasama ang kanilang pamamaraan ng paghatol at pagbabaha-bahagi.

137. Na kung papaano pinaganda ni '*Shaytân*' sa mga '*Mushrikin*,' ang pagtatalaga nila para sa Allâh (ﷻ) ng ilang bahagi mula sa kanilang mga inaani at mga hayop, at ang ilang bahagi naman nito ay itinalaga nila para sa kanilang mga sinasamba bukod sa Allâh; ay ganoon din pinaganda ng mga '*Shaytân*' sa karamihan na mga '*Mushrikin*,' ang pagpatay nila sa kanilang mga anak dahil sa pagkatakot ng kahirapan; upang maipahamak ng mga '*Shaytân*' ang mga magulang sa pamamagitan ng pagpatay ng may buhay na ipinagbawal ng Allâh (ﷻ), maliban na lamang kung sa makatarungang paraan.

Na sa ganito sila nilito ni '*Shaytân*' sa kanilang paniniwala, upang sila ay maligaw at mapahamak.

At kung ninais lamang ng Allâh (ﷻ) na ito ay hindi mangyari, ay hindi nila ito gagawin; subali't ito ay Kanyang itinakda dahil sa batid Niya kung gaano sila kasama at kung saan sila patutungo. Na kung kaya, pabayaan mo sila, O Muhammad, mula sa kanilang mga maling pag-aangkin at pag-iimbento ng kasinungalingan; at walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang huhukom sa pagitan mo at sa pagitan nila.


وَقَالُوا۟ هَٰذِهِۦٓ أَنْعَٰمٌ وَحَرْثٌ حِجْرٌ لَّا يَطْعَمُهَآ إِلَّا مَن
نَّشَآءُ بِزَعْمِهِمْ وَأَنْعَٰمٌ حُرِّمَتْ ظُهُورُهَا وَأَنْعَٰمٌ لَّا يَذْكُرُونَ
ٱسْمَ ٱللَّهِ عَلَيْهَا ٱفْتِرَآءً عَلَيْهِ ۚ سَيَجْزِيهِم بِمَا كَانُوا۟
يَفْتَرُونَ ﴿١٣٨﴾ وَقَالُوا۟ مَا فِى بُطُونِ هَٰذِهِ ٱلْأَنْعَٰمِ
خَالِصَةٌ لِّذُكُورِنَا وَمُحَرَّمٌ عَلَىٰٓ أَزْوَٰجِنَا ۖ وَإِن يَكُن
مَّيْتَةً فَهُمْ فِيهِ شُرَكَآءُ ۚ سَيَجْزِيهِمْ وَصْفَهُمْ ۚ إِنَّهُۥ
حَكِيمٌ عَلِيمٌ ﴿١٣٩﴾ قَدْ خَسِرَ ٱلَّذِينَ قَتَلُوٓا۟ أَوْلَٰدَهُمْ
سَفَهًۢا بِغَيْرِ عِلْمٍ وَحَرَّمُوا۟ مَا رَزَقَهُمُ ٱللَّهُ ٱفْتِرَآءً عَلَى ٱللَّهِ ۚ
قَدْ ضَلُّوا۟ وَمَا كَانُوا۟ مُهْتَدِينَ ﴿١٤٠﴾ ۞ وَهُوَ ٱلَّذِىٓ
أَنشَأَ جَنَّٰتٍ مَّعْرُوشَٰتٍ وَغَيْرَ مَعْرُوشَٰتٍ وَٱلنَّخْلَ وَٱلزَّرْعَ
مُخْتَلِفًا أُكُلُهُۥ وَٱلزَّيْتُونَ وَٱلرُّمَّانَ مُتَشَٰبِهًا وَغَيْرَ
مُتَشَٰبِهٍ ۚ كُلُوا۟ مِن ثَمَرِهِۦٓ إِذَآ أَثْمَرَ وَءَاتُوا۟ حَقَّهُۥ يَوْمَ
حَصَادِهِۦ ۖ وَلَا تُسْرِفُوٓا۟ ۚ إِنَّهُۥ لَا يُحِبُّ ٱلْمُسْرِفِينَ ﴿١٤١﴾
وَمِنَ ٱلْأَنْعَٰمِ حَمُولَةً وَفَرْشًا ۚ كُلُوا۟ مِمَّا رَزَقَكُمُ
ٱللَّهُ وَلَا تَتَّبِعُوا۟ خُطُوَٰتِ ٱلشَّيْطَٰنِ ۚ إِنَّهُۥ لَكُمْ عَدُوٌّ مُّبِينٌ ﴿١٤٢﴾

138. At sinabi ng mga ‘*Mushrikin*:’ “*Ang kamelyong ito at ang mga pananim ay ipinagbabawal*, *na walang sinuman ang makakakain nito maliban na lamang sa kung ito ay pahihintulutan ng inaangkin nilang batas na nagmula sa mga tagapangisawa ng mga rebulto at iba pa.*

“*Na ang* (*isa*) *namang* (*uri*) *ng kamelyong ito ay ipinagbabawal na sakyan sa likuran at hindi maaaring lagyan ng mga dalahin sa anumang pagkakataon*, *at ang* (*isa*) *namang kamelyong ito ay hindi binibigkas ang Pangalan ng Allâh* (*sa oras na ito ay kinakatay*) *at sa anumang pagkakataon*.”

At ginawa nila ang bagay na ito bilang pagsisinungaling laban sa Allâh (ﷻ), walang pag-aalinlangan, pagbabayarin sila ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang maling pag-aangkin at kasinungalingan laban sa Kanya.

139. At sinabi ng mga ‘*Mushrikûn*:’ “*Ang anuman na nasa loob ng sinapupunan ng hayop na ito na sanggol ay ipinahihintulot sa aming mga kalalakihan at ipinagbabawal sa aming mga kababaihan*, *kapag ito ay ipinanganak na buhay*; *at kapag ito naman ay ipinanganak na patay ay pare-pareho itong ipahihintulot sa kanila* (*na mga kalalakihan at kababaihan*).”

Walang pag-aalinlangan, paparusahan sila ng Allâh (ﷻ) sa batas na kanilang itinala sa pamamagitan ng kanilang mga sarili na pagpapahintulot at pagbabawal, na ito ay hindi (naman talagang) ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) para sa kanila.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Hakeem***’ – Ganap na Maalam sa pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha, na ‘**`*Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa kanila.

140. Katiyakan na isang talunan at hamak ang sinumang pinatay nila ang kanilang mga anak dahil sa kahinaan ng kanilang pag-iisip at kamangmangan, at pagbabawal sa kung ano ang ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila bilang pagsisinungaling laban sa Allâh (ﷻ).

Katiyakan na lumayo sila mula sa katotohanan, at kailanman ay hindi sila magiging kabilang sa mga taong ginabayan at pinatnubayan.

Paliwanag: Dahil ang pagpapahintulot o pagbabawal ay karapatan lamang ng Allâh (ﷻ) na Nag-iisa at Bukod-Tanging sinasamba na Siyang nagpanukala ng batas: ang ipinahihintulot ay ang anumang ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) at ang ipinagbabawal ay ang anumang ipinagbawal ng Allâh (ﷻ), at walang sinuman sa Kanyang mga nilikha, isa o grupo man, ang may karapatang magpanukala ng batas para sa Kanyang mga alipin na hindi Niya ipinahintulot.

141. At ang Allâh (ﷻ), Siya ang lumikha para sa inyo ng mga hardin: mayroon sa mga ito ang nakabitin na katulad ng ubas, at mayroon namang hindi, subali't ito ay nakaangat o nakalaylay sa puno nito na katulad ng datiles ('*Thamr*' o '*dates*') at mga pananim na iba't iba ang lasa nito; at ang '*Zaytun*' (oliba) at ang '*Rumman*' (granada o '*pomegranates*') ay magkatulad ang hugis, subali't magkakaiba ang bunga at lasa.

Kumain kayo, O kayong mga tao, mula sa mga bunga nito, sa panahon ng anihan o kapag ito ay hinog na, at ibigay ninyo ang obligadong '*Zakâh*' (kawanggawa) para rito, at huwag ninyo itong sayangin sa pamamagitan ng marangyang paggagasta nito o pag-aaksaya at iba pa. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), hindi Niya nais ang sinumang mapag-aksaya.

142. At Lumikha Siya ng mga hayop na ang iba ay itinalaga para sa paghahakot, dahil sa laki at tangkad (o taas) nito na katulad ng kamelyo, at mayroon namang hindi itinalaga para sa pagbubuhat dahil sa liit nito na katulad ng kambing at iba pa.

Kumain kayo sa mga ipinahintulot at ipinagkaloob sa inyo ng Allâh (ﷻ), mula sa mga hayop, at huwag ninyong ipagbabawal ang mga ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) sa inyo mula sa mga ito upang sundin lamang ang mga yapak ni '*Shaytân*' na katulad ng ginawa ng mga '*Mushrikûn*.' Katiyakan, si '*Shaytân*' ay malinaw na lantaran ninyong kaaway.


ثَمَٰنِيَةَ أَزۡوَٰجٖۖ مِّنَ ٱلضَّأۡنِ ٱثۡنَيۡنِ وَمِنَ ٱلۡمَعۡزِ ٱثۡنَيۡنِۗ
قُلۡ ءَآلذَّكَرَيۡنِ حَرَّمَ أَمِ ٱلۡأُنثَيَيۡنِ أَمَّا ٱشۡتَمَلَتۡ عَلَيۡهِ
أَرۡحَامُ ٱلۡأُنثَيَيۡنِۖ نَبِّـُٔونِي بِعِلۡمٍ إِن كُنتُمۡ صَٰدِقِينَ ١٤٣
وَمِنَ ٱلۡإِبِلِ ٱثۡنَيۡنِ وَمِنَ ٱلۡبَقَرِ ٱثۡنَيۡنِۗ قُلۡ ءَآلذَّكَرَيۡنِ
حَرَّمَ أَمِ ٱلۡأُنثَيَيۡنِ أَمَّا ٱشۡتَمَلَتۡ عَلَيۡهِ أَرۡحَامُ ٱلۡأُنثَيَيۡنِۖ
أَمۡ كُنتُمۡ شُهَدَآءَ إِذۡ وَصَّىٰكُمُ ٱللَّهُ بِهَٰذَاۚ فَمَنۡ
أَظۡلَمُ مِمَّنِ ٱفۡتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ كَذِبٗا لِّيُضِلَّ ٱلنَّاسَ بِغَيۡرِ
عِلۡمٍۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهۡدِي ٱلۡقَوۡمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ١٤٤ قُل لَّآ أَجِدُ
فِي مَآ أُوحِيَ إِلَيَّ مُحَرَّمًا عَلَىٰ طَاعِمٖ يَطۡعَمُهُۥٓ إِلَّآ أَن يَكُونَ
مَيۡتَةً أَوۡ دَمٗا مَّسۡفُوحًا أَوۡ لَحۡمَ خِنزِيرٖ فَإِنَّهُۥ رِجۡسٌ أَوۡ
فِسۡقًا أُهِلَّ لِغَيۡرِ ٱللَّهِ بِهِۦۚ فَمَنِ ٱضۡطُرَّ غَيۡرَ بَاغٖ وَلَا عَادٖ فَإِنَّ
رَبَّكَ غَفُورٞ رَّحِيمٞ ١٤٥ وَعَلَى ٱلَّذِينَ هَادُواْ حَرَّمۡنَا
كُلَّ ذِي ظُفُرٖۖ وَمِنَ ٱلۡبَقَرِ وَٱلۡغَنَمِ حَرَّمۡنَا عَلَيۡهِمۡ
شُحُومَهُمَآ إِلَّا مَا حَمَلَتۡ ظُهُورُهُمَآ أَوِ ٱلۡحَوَايَآ أَوۡ مَا
ٱخۡتَلَطَ بِعَظۡمٖۚ ذَٰلِكَ جَزَيۡنَٰهُم بِبَغۡيِهِمۡۖ وَإِنَّا لَصَٰدِقُونَ ١٤٦

143. Ang mga hayop na ito na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin: kamelyo, baka at '*ghânam*' (kambing at tupa) ay walong uri, na ang apat mula rito ay '*ghânam*:' babae't lalaking tupa at babae't lalaking kambing.

Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Ipinagbawal ba ng Allâh* (ﷻ) *ang dalawang lalaking* '*ghânam?*'" Kapag sinabi nilang, "*Oo*," katiyakan na sila ay nakapagsinungaling hinggil dito; dahil hindi nila ipinagbabawal ang mga babaing '*ghânam*' (tupa at kambing).

Sabihin mo sa kanila: "*Ipinagbawal ba sa inyo ang dalawang uri ng babaing* '*ghânam?*'" Kapag sinabi nilang, "*Oo*," katiyakan na nakapagsinungaling pa rin sila; babaing ipinanganak mula sa mga dahil hindi nila ipinagbawal ang lahat ng '*ghânam*' (tupa at kambing).

Sabihin mo sa kanila: "*Ipinagbawal ba ng Allâh* (ﷻ) *ang anuman na nasa sinapupunan ng dalawang uri ng babaing* '*ghânam*' (*tupa at kambing*)*?*" Kapag sinabi nilang: "*Oo*," katiyakan na nakapagsinungaling pa rin sila: dahil sa hindi nila ipinagbawal ang anumang nasa sinapupunan noong (dalawang hayop na iyon).

Sabihin nga ninyo sa akin na may kasamang sapat na kaalaman, na tama ang inyong inaangkin, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan hinggil sa inyong pag-aangkin, na ito ay nagmula sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha.

144. At ang apat namang uri ng hayop: na ito ay ang babae't lalaking kamelyo at babae't lalaking baka. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad, na mga '*Mushrikin*:' "*Ipinagbawal ba ng Allâh ang dalawang uri ng lalaking hayop o dalawang uri ng babaing hayop na ito? O ang ipinagbawal ba ay ang anuman na nasa sinapupunan ng dalawang uri ng hayop na ito*, *babae man o lalaki? O di kaya*, *ay nandoon ba kayo*, *O kayo na mga* '*Mushrikûn*,' *noong ipinag-utos ng Allâh ang ganitong pagbabawal sa mga hayop?*

"*Samakatuwid*, *wala nang hihigit pa ang kasamaan kaysa sa sinuman na nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh*; *upang ilayo ang mga tao sa pamamagitan ng kanyang kamangmangan mula sa Daan ng Patnubay.*

"*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ), *hindi Niya ginagabayan ang sinumang lumampas sa Kanyang itinakdang hangganan*, *na nagsinungaling laban sa Allâh*, *at iniligaw niya ang mga tao mula sa Daan ng Patnubay dahil sa kanyang kamangmangan*."

145. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *wala akong nakita mula sa ipinahayag sa akin ng Allâh*, *hinggil sa mga nabanggit ninyong ipinagbabawal na kainin*, *na ito ay ipinagbabawal na mga hayop*; *maliban na lamang kung ito ay namatay nang hindi nakatay sa tamang pamamaraan*, *o dugo na pinatulo*, *o di kaya ito ay laman ng baboy dahil sa ito ay marumi*, *o di kaya ay yaong kinatay bilang pag-aalay sa iba bukod sa Allâh na katulad ng kinatay na ang binigkas ay hindi Pangalan ng Allâh.*

"*Nguni't*, *ang sinumang napilitang kumain mula sa mga ipinagbabawal na ito dahil sa tindi ng kagutuman*, *na hindi hinahangad na kainin ito para magpasarap o mabusog lamang*, *at hindi niya lalampasan ang hangganan ng tindi ng kanyang pangangailangan*, *ay katiyakang pinatatawad siya ng Allâh* (ﷻ) *at nagmamahal sa kanya sapagka't Siya ang* '***Ghafour***' *– Ganap na Mapagpatawad*, *na* '***Raheem***' *– Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal.*"

Paliwanag: katiyakan, naitala sa '*Sunnah*' ang pagbabawal ng lahat ng mga may pangil na katulad ng mga mababangis na hayop o ibon na may mga kuko na ginagamit sa pandagit, mga asno na pang-'*domestic*' o alagain na ginagamit sa paghahanapbuhay at sa ibang pangangailangan, at mga aso."

146. At ipaalaala mo, O Muhammad, sa kanila na mga '*Mushrikin*,' ang anumang ipinagbawal Namin sa mga Hudyo na mga hayop at mga ibon: "*Ito ay ang lahat ng mga hindi biyak ang daliri na katulad ng kamelyo*, *taba ng baka at taba ng kambing*, *maliban sa taba na dumikit sa likuran at bituka nito*, *o taba na nahalo sa buto ng pige at taba sa tagiliran o ang mga katulad nito.*

"*Ang pagbabawal na ito na nabanggit sa mga Hudyo ay bilang kaparusahan mula sa Amin dahil sa kanilang mga masasamang gawain*; *at katiyakan*, *Kami ay totoo sa Aming mga sinasabi hinggil sa kanila.*"

فَإِن كَذَّبُوكَ فَقُل رَّبُّكُمْ ذُو رَحْمَةٍ وَاسِعَةٍ وَلَا يُرَدُّ
بَأْسُهُۥ عَنِ ٱلْقَوْمِ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿١٤٧﴾ سَيَقُولُ ٱلَّذِينَ أَشْرَكُوا۟
لَوْ شَآءَ ٱللَّهُ مَآ أَشْرَكْنَا وَلَآ ءَابَآؤُنَا وَلَا حَرَّمْنَا مِن شَىْءٍ ۚ
كَذَٰلِكَ كَذَّبَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ حَتَّىٰ ذَاقُوا۟ بَأْسَنَا ۗ
قُلْ هَلْ عِندَكُم مِّنْ عِلْمٍ فَتُخْرِجُوهُ لَنَآ ۖ إِن تَتَّبِعُونَ إِلَّا
ٱلظَّنَّ وَإِنْ أَنتُمْ إِلَّا تَخْرُصُونَ ﴿١٤٨﴾ قُلْ فَلِلَّهِ ٱلْحُجَّةُ ٱلْبَٰلِغَةُ ۖ
فَلَوْ شَآءَ لَهَدَىٰكُمْ أَجْمَعِينَ ﴿١٤٩﴾ قُلْ هَلُمَّ شُهَدَآءَكُمُ ٱلَّذِينَ
يَشْهَدُونَ أَنَّ ٱللَّهَ حَرَّمَ هَٰذَا ۖ فَإِن شَهِدُوا۟ فَلَا تَشْهَدْ
مَعَهُمْ ۖ وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَآءَ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا وَٱلَّذِينَ
لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْءَاخِرَةِ وَهُم بِرَبِّهِمْ يَعْدِلُونَ ﴿١٥٠﴾ ۞ قُلْ
تَعَالَوْا۟ أَتْلُ مَا حَرَّمَ رَبُّكُمْ عَلَيْكُمْ ۖ أَلَّا تُشْرِكُوا۟ بِهِۦ
شَيْـًٔا ۖ وَبِٱلْوَٰلِدَيْنِ إِحْسَٰنًا ۖ وَلَا تَقْتُلُوٓا۟ أَوْلَٰدَكُم مِّنْ
إِمْلَٰقٍ ۖ نَّحْنُ نَرْزُقُكُمْ وَإِيَّاهُمْ ۖ وَلَا تَقْرَبُوا۟ ٱلْفَوَٰحِشَ
مَا ظَهَرَ مِنْهَا وَمَا بَطَنَ ۖ وَلَا تَقْتُلُوا۟ ٱلنَّفْسَ ٱلَّتِى
حَرَّمَ ٱللَّهُ إِلَّا بِٱلْحَقِّ ۚ ذَٰلِكُمْ وَصَّىٰكُم بِهِۦ لَعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ ﴿١٥١﴾

147. At kapag pinasinungalingan ka nila, O Muhammad (ﷺ), ng mga lumabag sa iyo na mga '*Mushrikin*,' mga Hudyo at iba pa. Sabihin mo sa kanila: "*Ang inyong* '*Rabb*' *na Kataas-taasan ay nagtatangan ng malawak na pagkaawa at hindi mahahadlangan ang Kanyang kaparusahan sa mga taong masasama na gumawa ng mga kasalanan*."

Paliwanag: At nandirito ang babala sa kanila dahil sa kanilang paglabag sa Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ).

148. Walang pag-aalinlangan, sasabihin ng mga nagtambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh: "*Kung ninais* (*lamang*) *ng Allâh na hindi kami sasamba ng iba bukod sa Kanya*, *kami at ang aming mga ninuno*, *at hindi namin ipagbabawal ang anumang bagay maliban sa kung ano ang ipinagbawal Niya*, *ay hindi namin ito magagawa*."

At sinagot sila ng Allâh (ﷻ), na ang mga panlilinlang na ito ay ginawa na noon ng mga walang pananampalataya na nauna kaysa sa kanila, at sa pamamagitan nito ay tinanggihan nila ang mga paanyaya ng kanilang mga Sugo at sila ay nanatili sa ganoong kalagayan hanggang sa bumaba sa kanila ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Mayroon ba kayo sa inyong mga ipinagbawal na mga hayop at mga pananim*, *at sa inyong pag-angkin na ang Allâh* (ﷻ) *ay ginusto Niya na kayo ay lalabag at ito ay Kanyang tinanggap mula sa inyo at naibigan Niya*, *mayroon ba kayong totoong kaalaman at ito ay maipapakita ninyo sa Amin? Katiyakan*, *wala kayong sinusunod hinggil sa* '*deen*' (*patungkol sa relihiyon o pananampalataya*) *na ito*, *kundi ang mga yaong haka-haka lamang ninyo*, *at kayo ay mga nagsisinungaling lamang*."

149. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Sa Allâh* (ﷻ) *ang ganap na katibayan upang patigilin ang inyong mga haka-haka*, *o kung ginusto lamang Niya ay ginabayan kayo tungo sa Matuwid na Landas*."

150. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Ipakita ninyo ang mga testigo ninyo na magpapatunay na ang Allâh* (ﷻ) *ay Siyang nagbawal ng anumang ipinagbawal ninyo na mga pananim at mga hayop. Samakatuwid*, *kapag sila ay tumestigo – bilang kasinungalingan – ay huwag mo silang paniwalaan at huwag mo silang sang-ayunan*, *na ang mga sinusunod lamang nila ay ang kanilang mga sariling pagnanasa at tinanggihan nila ang mga talata ng Allâh* (ﷻ) *hinggil sa pagbabawal nila sa ipinahintulot ng Allâh* (ﷻ), *at pagpapahintulot sa mga ipinagbawal ng Allâh* (ﷻ), *at huwag mong sundin ang mga yaong hindi naniniwala sa Kabilang-Buhay na hindi gumagawa para roon*, *at yaong mga nagtatambal o sumasamba ng iba bukod sa Allâh*."

151. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Halina kayo at basahin ang anumang ipinagbawal ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*: *na huwag kayong sumamba bilang pagtatambal sa Kanya ng anuman na Kanyang nilikha*; *bagkus ay ituon ninyo ang lahat ng uri ng pagsamba para lamang sa Kanya*, *katulad ng pagkatakot*, *pag-asa*, *panalangin at iba pa*; *at maging mabuti kayo sa inyong mga magulang*, *maging masunurin at manalangin para sa kanila*, *at iba pa na mga katulad nito na kabutihan*; *at huwag ninyong patayin ang inyong mga anak dahil sa pagkatakot na kayo ay maghirap*, *dahil ang Allâh* (ﷻ) *sa katotohanan ang nagbibigay ng kabuhayan sa inyo at ganoon din sa kanila*; *at huwag ninyong lapitan ang anumang malinaw na mga malalaking kasalanan*, *lantad at gayundin ang lihim*; *at huwag kayong pumatay ng may buhay na ipinagbawal ng Allâh* (ﷻ) *maliban na lamang kung ito ay ayon sa batas*, *na katulad ng pagpatay sa sinumang nakapatay o gumawa ng pakikiapid pagkatapos makaranas ng legal na pag-aasawa*, *o di kaya ay nag-*'*Murtad*' *sa Islâm.*

"*At ang mga nabanggit na ito ang mahigpit na ipinagbawal ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*, *at inutusan kayo na ito ay inyong ayawan* (*talikdan*); *at ito ay kabilang sa mga kautusan sa inyo*, *na ipinayo ng inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa inyo nang sa gayon ay maintindihan ninyo ang Kanyang ipinag-uutos at Kanyang ipinagbabawal*."



152. "*At huwag ninyong lapitan*, *O kayong mga pinagkatiwalaan*, *ang kayamanan ng ulila maliban na lamang sa ipinahintulot sa inyo para sa kapakanan ng kanyang yaman na siya ang makikinabang nito*, *hanggang sa maabot niya ang tamang edad*, *tamang pag-iisip*; *at kapag umabot na siya sa ganitong kalagayan ay ibigay na ninyo sa kanila ang kanilang yaman*; *at maging makatarungan kayo sa pagsukat at pagtimbang*, *na ito ang tunay na katapatan. At kung nilubos ninyo ang anuman na inyong nakayanan ay wala na kayong pananagutan pa sa anumang pagkukulang*; *at hindi Kami nagbibigay ng pabigat sa sinuman maliban sa kanyang makakayanan. At kapag kayo ay nagbitaw ng salita ay pawang katotohanan lamang ang inyong sasabihin*, *na wala kayong kikilingan na sinuman sa inyong mga sinasabi o pagtestigo o paghatol*, *kahit ang inyong mga sinasabi ay patungkol sa inyong mga kamag-anak*, *at isagawa ninyo ang anumang ipinag-utos sa inyo ng Allâh* (ﷻ) *upang maisakatuparan ang Kanyang batas.*

"*At ang mga ipinaliliwanag na ito sa inyo ay kabilang sa mga batas na ipinayo ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*; *nang sa gayon ay maalaala ninyo kung ano ang inyong kahihinatnan*."

153. "*At kabilang sa mga ipinayo ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*, *na ang Islâm na ito ang Daan na Matuwid tungo sa Allâh* (ﷻ), *na kung kaya*, *ito ang sundin ninyo at huwag ninyong sundin ang iba't ibang daan ng pagkaligaw*, *dahil magkakawatak-watak kayo at ilalayo kayo sa Matuwid na Landas ng Allâh* (ﷻ). *Itong pamamatnubay na ito ay tungo sa Matuwid na Landas na kung saan ito ang iginabay ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo upang iligtas kayo sa Kanyang mga kaparusahan*, *sa pamamagitan ng pagsagawa sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal*."

154. Pagkatapos ay sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang Siyang nagkaloob ng* '*Tawrah*' *kay Mousã bilang kabuuan ng Kanyang mga biyaya sa mga mababuti na sumunod sa Kanyang*

‘*Deen*’ *at Kanyang katuruan*, *at bilang pagsasaad sa lahat ng bagay hinggil sa kanilang* ‘*Deen*,’ *at gabay tungo sa Matuwid na Landas at pagkaawa sa kanila*; *nang sa gayon*, *sila ay maniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay at Paghuhukom*; *na samakatuwid*, *sila ay gagawa para rito*.”

155. At ang Qur’ân na ito na Aklat na Aming ipinahayag sa Aming Propeta na si Muhammad (ﷺ), ay punung-puno ng biyaya; na kung gayon ay sundin ninyo ang Kanyang ipinag-uutos at iwasan ang Kanyang ipinagbabawal, at katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) na malabag ninyo ang Kanyang kautusan; nang sa gayon ay makaawaan kayo, mailigtas kayo mula sa Kanyang kaparusahan, at makamtan ninyo ang Kanyang gantimpala.

156. At ipinahayag Namin ang Qur’ân na ito; upang hindi ninyo masabi, O kayong mga paganong (walang pananampalatayang) Arabo: “*Ibinaba lamang ang Aklat mula sa kalangitan para sa mga Hudyo at mga Kristiyano*, *na kung kaya*, *binabalewala namin ang pagbabasa ng kanilang Aklat*.”

157. At upang hindi ninyo masabi, O kayo na mga ‘*Mushrikûn*:’ “*Kung nagpahayag lamang sa amin ng Aklat mula sa kalangitan*, *na katulad ng pagkakapahayag sa mga Hudyo at mga Kristiyano*, *ay mas higit na mapapatnubayan kami sa Tamang Landas kaysa sa kanila*.” Samakatuwid, katiyakang dumating sa inyo ang Aklat sa inyong sariling wika na salitang ‘*Arabic*,’ na ito ang malinaw na katibayan mula sa inyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha at gabay tungo sa Tamang Landas, at bilang awa (rin) sa sambayanan na ito. Dahil wala nang hihigit pa sa pagiging masama kaysa sa kanya na tinanggihan ang mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) at tinalikuran! At sila na mga tumanggi ay walang pag-aalinlangan na paparusahan Namin nang matinding pagpaparusa sa Impiyernong-Apoy; dahil sa kanilang pagtanggi sa Aming mga talata at sa kanilang pagharang sa Aming Daan.

هَلْ يَنظُرُونَ إِلَّآ أَن تَأْتِيَهُمُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ أَوْ يَأْتِيَ رَبُّكَ أَوْ يَأْتِيَ
بَعْضُ ءَايَٰتِ رَبِّكَ ۗ يَوْمَ يَأْتِي بَعْضُ ءَايَٰتِ رَبِّكَ لَا يَنفَعُ نَفْسًا إِيمَٰنُهَا
لَمْ تَكُنْ ءَامَنَتْ مِن قَبْلُ أَوْ كَسَبَتْ فِىٓ إِيمَٰنِهَا خَيْرًا ۗ قُلِ ٱنتَظِرُوٓا
إِنَّا مُنتَظِرُونَ ﴿١٥٨﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ فَرَّقُوا۟ دِينَهُمْ وَكَانُوا۟ شِيَعًا لَّسْتَ
مِنْهُمْ فِى شَىْءٍ ۚ إِنَّمَآ أَمْرُهُمْ إِلَى ٱللَّهِ ثُمَّ يُنَبِّئُهُم بِمَا كَانُوا۟ يَفْعَلُونَ
﴿١٥٩﴾ مَن جَآءَ بِٱلْحَسَنَةِ فَلَهُۥ عَشْرُ أَمْثَالِهَا ۖ وَمَن جَآءَ بِٱلسَّيِّئَةِ
فَلَا يُجْزَىٰٓ إِلَّا مِثْلَهَا وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿١٦٠﴾ قُلْ إِنَّنِى هَدَىٰنِى رَبِّىٓ
إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ دِينًا قِيَمًا مِّلَّةَ إِبْرَٰهِيمَ حَنِيفًا ۚ وَمَا كَانَ مِنَ
ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١٦١﴾ قُلْ إِنَّ صَلَاتِى وَنُسُكِى وَمَحْيَاىَ وَمَمَاتِى لِلَّهِ
رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٦٢﴾ لَا شَرِيكَ لَهُۥ ۖ وَبِذَٰلِكَ أُمِرْتُ وَأَنَا۠ أَوَّلُ ٱلْمُسْلِمِينَ
﴿١٦٣﴾ قُلْ أَغَيْرَ ٱللَّهِ أَبْغِى رَبًّا وَهُوَ رَبُّ كُلِّ شَىْءٍ ۚ وَلَا تَكْسِبُ كُلُّ
نَفْسٍ إِلَّا عَلَيْهَا ۚ وَلَا تَزِرُ وَازِرَةٌ وِزْرَ أُخْرَىٰ ۚ ثُمَّ إِلَىٰ رَبِّكُم مَّرْجِعُكُمْ
فَيُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ فِيهِ تَخْتَلِفُونَ ﴿١٦٤﴾ وَهُوَ ٱلَّذِى جَعَلَكُمْ
خَلَٰٓئِفَ ٱلْأَرْضِ وَرَفَعَ بَعْضَكُمْ فَوْقَ بَعْضٍ دَرَجَٰتٍ لِّيَبْلُوَكُمْ
فِى مَآ ءَاتَىٰكُمْ ۗ إِنَّ رَبَّكَ سَرِيعُ ٱلْعِقَابِ وَإِنَّهُۥ لَغَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٦٥﴾

158. Mayroon pa bang inaabangan ang mga tumanggi at humarang sa Daan ng Allâh maliban sa pagdating ng anghel ng kamatayan at ang kasamahan nito upang kunin ang kanilang mga kaluluwa; o di kaya ay ang pagdating[43] ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), sa Araw ng Muling Pagkabuhay para hukuman ang Kanyang mga alipin; o di kaya ay ang pagdating ng ilan sa mga palatandaan ng pagkagunaw ng daigdig na nagpapatunay na ito ay mangyayari, na katulad ng pagsikat ng Araw mula sa kanluran? Na kapag ito ay nangyari, hindi na mapapakinabangan pa ng sinuman ang pagtanggap niya ng katotohanan kung siya ay walang pananampalataya bago naganap (ang dakilang palatandaang) ito; at hindi rin tatanggapin ang kanyang mabubuting gawa, maging siya man ay mananampalataya maliban na lamang sa kanyang mga naunang nagawa (bago naganap ang dakilang palatandaang) ito.

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Hintayin ninyo ang pagdating nito*, *upang mapatunayan ang tama sa mali*, *ang masama sa mabuti*, *at kami ay kasama rin ninyo na naghihintay*."

159. Katiyakan, ang mga yaong nagkawatak-watak sila sa kanilang '*Deen*' (o Relihiyon) samantalang ito ay nag-iisang '*Deen*' lamang sa paniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa pagsunod sa Kanyang batas, at sila ay naging iba't ibang grupo at mga sekta; katiyakan, ikaw, O Muhammad (ﷺ) ay hindi mananagot sa kanila, subali't ang hatol hinggil sa kanila ay sa Allâh (ﷻ) lamang, pagkatapos ay sasabihin sa kanila ang anuman na kanilang nagawa, at gagantimpalaan ang sinumang nagsisi mula sa kanila at naging mabuti dahil sa kanyang kabutihan, at paparusahan ang masama dahil sa kanyang kasamaan.

160. Ang sinuman na makatagpo niya ang kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Araw ng Muling Pagkabuhay na may mga mababuting gawa, ang gantimpala ng bawa't kabutihan mula sa kanyang mga mababuting gawa ay katumbas ng

[43]Ito ay angkop lamang sa Kanyang Kamaharlikaan.

sampung kabutihan na tulad nito, at sino naman ang makatagpo niya ang kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha na may mga masasamang gawa, ang isang kasamaan na kanyang nagawa ay paparusahan lamang ng katulad nito (na isa rin), at sila ay hindi dadayain kahit katiting na katiting.

161. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Katiyakan ako ay pinatnubayan ng aking* '*Rabb*' *tungo sa Matuwid na Landas*, *na magpaparating sa akin sa Kanyang* '*Jannah*,' *na ito ay* '*Deen Al-Islâm*,' *na nagsasaad ng ganap na pamamaraan ng pamumuhay dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay*, *at ito ang* '*Deen*' *ng Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *na siyang* '*Deen*' *ni Ibrâhim*; *at kailanman*, *si Ibrâhim ay hindi kabilang sa mga nagtatambal o sumasamba ng iba bukod sa Allâh*."

162. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Katiyakan*, *ang aking* '*Salâh*;' *ang aking pagsasakripisyo na katulad ng pagkatay ng hayop sa Pangalan ng Allâh* (ﷻ) *na Nag-iisa at hindi para sa mga rebulto at hindi rin para sa mga patay at hindi rin para sa mga* '*Jinn*,' *at hindi rin para sa iba pa na mga katulad nito na inyong pinag-aalayan na iba bukod sa Allâh*, *at hindi rin sa pangalan ng iba na katulad ng inyong mga ginagawa*; *ang aking buhay*, *ang aking kamatayan ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh* (ﷻ) *na* '*Rabb*' *ng* '*Al-`Âlamin*' (*lahat ng mga nilikha*)."

163. "*Na Siya ay walang katambal sa Kanyang pagiging* '*Ilâh*' (*o Diyos na sinasamba*) *at sa Kanyang pagiging* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *at wala rin Siyang katambal sa Kanyang mga Katangian at mga Pangalan*, *at sa pamamagitan ng Kanyang dalisay na Kaisahan ay inutusan Niya ako*, *ng aking* '*Rabb*' *na Kataas-taasan*, *na ako ang kauna-unahang tumestigo at sumunod at magpasailalim sa Kanya mula sa sambayanang ito bilang Muslim*."

164. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Maghahangad pa ba ako ng ibang* '*ilâh*' *bukod sa Allâh*, *samantalang Siya ang Lumikha ng lahat ng bagay*, *Nagmamay-ari at Nangangasiwa nito? At walang sinumang tao na gumagawa ng masama kundi sa kanya ipapataw ang kanyang kasalanan*, *at hindi ipapapasan sa sinuman ang kasalanan ng iba*, *pagkatapos sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha kayo ay babalik sa Araw ng Muling Pagkabuhay*, *at sasabihin Niya sa inyo kung ano ang hindi ninyo pinagkasunduan hinggil sa* '*Deen*.'"

165. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang gumawa sa inyo na mga magkakasunud-sunod na mga henerasyon, na hinahalinhinan ninyo ang isa't isa pagkatapos nilang mamatay, na kayo ay kinatawan dito sa daigdig upang itaguyod ninyo ang buhay dito pagkatapos nila sa pamamagitan ng pagsunod sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha. At iniangat Niya ang iba sa inyo sa kabuhayan at lakas na higit kaysa sa iba, sa mga antas nito; upang kayo'y subukin sa anumang ipinagkaloob Niya sa inyo na mga biyaya, nang sa gayon ay mapatunayan sa mga tao kung sino ang tatanaw ng utang na loob o kung sino ang hindi.

Katiyakan, ang inyong '*Rabb*' ay mabilis ang Kanyang parusa sa sinumang lumabag sa Kanya, at katiyakan, Siya ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa sinumang naniwala sa Kanya, gumawa ng kabutihan at pinagsisihan ang kanyang nagawang pagkakasala, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanya, na ang katangiang '***Al-Ghafour***' at '***Ar-Raheem***' ay kabilang sa mga mararangal at dakilang Pangalan ng Allâh (ﷻ).

سورة الأعـــراف 7

VII – Sûrat Al-A`râf

[**Kabanata Al-A`râf** – Ang Mataas na Lugar]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Alif-Lãm-Mĩm-Sãd* – ang mga titik na ito ng Alpabetong '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa umpisa pa lamang ng '*Sûratul Baqarah*.'

2. Ang Kabanal-banalan na Qur'ân na ito ay isang dakilang Aklat na ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ); na kung kaya, huwag kang mag-alinlangan sa iyong kalooban hinggil (sa Aklat na) ito, dahil sa katiyakang ito ay ibinaba mula sa Allâh (ﷻ); at huwag kang magdadalawang-isip sa pagpapahayag nito at sa pagbibigay ng babala sa pamamagitan nito, dahil ito ay ibinaba Namin para sa iyo; upang balaan ang mga walang pananampalataya at paalalahanan ang mga mananampalataya.

3. Sundin ninyo, O kayong mga tao! Ang anumang ibinaba sa inyo mula sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na Qur'ân at '*Sunnah*,' sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga ipinagbabawal; at huwag kayong sumunod sa mga '*awliyâ*'' bukod sa Allâh, [na inuutusan kayong maglagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh na katulad ng mga '*Shaytân*,' '*Rabbi*,' '*Monks*' (mga monghe) at mga pari]. Katiyakan, kung susunod kayo sa kanila ay kakaunti lamang ang paalaala na inyong makukuha na hindi man lamang maglalagay sa inyo sa katotohanan.

4. At karamihan sa mga bayan na Aming winasak ay dahil sa kanilang pagsuway sa mga Sugo na Aming ipinadala sa kanila at sa pagpapasinungaling nila sa kanila; na kung kaya, pinarusahan Namin sila ng kahihiyan dito sa daigdig at tuluy-tuloy na kapahamakan sa Kabilang-Buhay; at dumating sa kanila ang

Aming kaparusahan, minsan noong sila ay natutulog sa gabi at minsan naman ay habang sila ay nagpapahinga sa araw (na ito ay sa tanghali pagkatapos ng '*Dhuhr*'). Paliwanag: pinili ng Allâh (ﷻ) ang dalawang pagkakataong ito, dahil sa ito ang mga oras ng kanilang pamamahinga nang sa gayon ay mas maging matindi ang pagdating ng kaparusahan sa kanila.

5. Na kung kaya, wala silang nasabi nang dumating ang kaparusahan sa kanila kundi aminin ang kanilang mga pagkakasala at kanilang kasamaan na sila ay karapat-dapat sa parusa na ipinataw ng Allâh (ﷻ) sa kanila.

6. Katiyakan, tatanungin Namin ang mga tao na sa kanila'y ipinadala ang mga Sugo: "*Anong itinugon ninyo sa ipinadala Naming mga Sugo sa inyo?*" At walang pag-aalinlangan na tatanungin (din) Namin ang mga Sugo hinggil sa pagpaparating nila sa mga mensahe ng Allâh, at hinggil sa kung paano tumugon sa kanila ang kanilang mga sambayanan.

7. Katiyakan, Aming isasalaysay sa lahat ng mga nilalang ang anuman na kanilang nagawa rito sa daigdig ayon sa tunay na kaalaman mula sa Amin, hinggil sa anumang ipinag-utos Namin at ipinagbawal, ni minsa'y hindi Kami nawala sa kanila anumang sandali.

8. At ang pagtitimbang sa gawain ng mga tao sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang tunay na makaturungang pagtitimbang at walang pandaraya; na kung kaya, sinuman ang naging mas mabigat ang kinalabasan na timbang ng kanyang mabuting gawa ay sila sa katotohanan ang magtatagumpay.

9. At sino naman ang naging magaan ang timbang sa kanyang kabutihan dahil sa rami ng nagawa niyang kasamaan, sila kung gayon, ang mga yaong sinayang nila ang kanilang bahagi (parte) mula sa pagmamahal ng Allâh (ﷻ); dahil sa kanilang paglabag sa hangganang itinakda ng Allâh (ﷻ) at sa pagtanggi sa mga talata ng Allâh (ﷻ) at hindi pagsunod sa mga ito, kaya naging kabilang sila sa mga talunan.

10. At katiyakan, ibinigay Namin sa inyo ang pangingibabaw dito sa kalupaan at ginawa Namin ito sa inyo bilang kapanatagan, at naglikha Kami para sa inyo ng inyong mga ikabubuhay: mga pagkain, mga inumin, subali't pagkatapos ng lahat ng ito, ay kakaunti lamang ang pasasalamat na inyong itinutugon sa mga biyayang ipinagkaloob sa inyo.

11. At katiyakan na biniyayaan Namin kayo sa pamamagitan ng paglikha sa inyong lahi mula sa inyong ama na si Âdam (عليه السلام) na nagmula sa wala, at pagkatapos ay hinugis Namin kayo sa anyo na nakahihigit kaysa sa maraming mga nilikha, pagkatapos ay inutusan Namin ang mga anghel na magpatirapa sa kanya (Âdam عليه السلام) bilang paggalang at pagpaparangal sa kanyang kakaibang katangian. Na samakatuwid ay nagpatirapa silang lahat maliban kay '*Iblees*' na kasama nila noon, na siya ay hindi nagpatirapa kay Âdam dahil sa panibugho sa dakilang pagpaparangal sa kanya (Âdam عليه السلام).

قَالَ مَا مَنَعَكَ أَلَّا تَسْجُدَ إِذْ أَمَرْتُكَ ۖ قَالَ أَنَا خَيْرٌ مِّنْهُ خَلَقْتَنِي مِن نَّارٍ
وَخَلَقْتَهُۥ مِن طِينٍ ﴿١٢﴾ قَالَ فَٱهْبِطْ مِنْهَا فَمَا يَكُونُ لَكَ أَن تَتَكَبَّرَ
فِيهَا فَٱخْرُجْ إِنَّكَ مِنَ ٱلصَّٰغِرِينَ ﴿١٣﴾ قَالَ أَنظِرْنِيٓ إِلَىٰ يَوْمِ يُبْعَثُونَ
﴿١٤﴾ قَالَ إِنَّكَ مِنَ ٱلْمُنظَرِينَ ﴿١٥﴾ قَالَ فَبِمَآ أَغْوَيْتَنِي لَأَقْعُدَنَّ لَهُمْ
صِرَٰطَكَ ٱلْمُسْتَقِيمَ ﴿١٦﴾ ثُمَّ لَءَاتِيَنَّهُم مِّنۢ بَيْنِ أَيْدِيهِمْ وَمِنْ خَلْفِهِمْ
وَعَنْ أَيْمَٰنِهِمْ وَعَن شَمَآئِلِهِمْ ۖ وَلَا تَجِدُ أَكْثَرَهُمْ شَٰكِرِينَ ﴿١٧﴾ قَالَ
ٱخْرُجْ مِنْهَا مَذْءُومًا مَّدْحُورًا ۖ لَّمَن تَبِعَكَ مِنْهُمْ لَأَمْلَأَنَّ جَهَنَّمَ مِنكُمْ
أَجْمَعِينَ ﴿١٨﴾ وَيَٰٓـَٔادَمُ ٱسْكُنْ أَنتَ وَزَوْجُكَ ٱلْجَنَّةَ فَكُلَا مِنْ حَيْثُ
شِئْتُمَا وَلَا تَقْرَبَا هَٰذِهِ ٱلشَّجَرَةَ فَتَكُونَا مِنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٩﴾ فَوَسْوَسَ
لَهُمَا ٱلشَّيْطَٰنُ لِيُبْدِيَ لَهُمَا مَا وُۥرِيَ عَنْهُمَا مِن سَوْءَٰتِهِمَا ۚ وَقَالَ
مَا نَهَىٰكُمَا رَبُّكُمَا عَنْ هَٰذِهِ ٱلشَّجَرَةِ إِلَّآ أَن تَكُونَا مَلَكَيْنِ أَوْ تَكُونَا
مِنَ ٱلْخَٰلِدِينَ ﴿٢٠﴾ وَقَاسَمَهُمَآ إِنِّي لَكُمَا لَمِنَ ٱلنَّٰصِحِينَ ﴿٢١﴾
فَدَلَّىٰهُمَا بِغُرُورٍ ۚ فَلَمَّا ذَاقَا ٱلشَّجَرَةَ بَدَتْ لَهُمَا سَوْءَٰتُهُمَا وَطَفِقَا
يَخْصِفَانِ عَلَيْهِمَا مِن وَرَقِ ٱلْجَنَّةِ ۖ وَنَادَىٰهُمَا رَبُّهُمَآ أَلَمْ أَنْهَكُمَا
عَن تِلْكُمَا ٱلشَّجَرَةِ وَأَقُل لَّكُمَآ إِنَّ ٱلشَّيْطَٰنَ لَكُمَا عَدُوٌّ مُّبِينٌ ﴿٢٢﴾

12. Sinabi ng Allâh (ﷻ) upang sisihin si '*Iblees*' sa hindi niya pagpapatirapa: "*Ano ang pumigil sa iyo na magpatirapa noong inutusan kita?*" Sinabi ni '*Iblees*:' "*Nakahihigit ang paglikha sa akin kaysa sa kanya*, *dahil sa ako ay nilikha mula sa apoy samantalang siya naman ay nilikha mula sa alabok*." Na sa kanyang paningin ay nakahihigit ang apoy kaysa sa alabok.

13. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay '*Iblees*:' "*Bumaba ka mula sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*), *dahil ikaw ay hindi nararapat na magmataas dito*, *at lumabas ka mula sa* '*Al-Jannah*,' *dahil ikaw ay kabilang sa mga hinamak*."

14. Sinabi ni '*Iblees*' sa Allâh (ﷻ), noong nawalan na siya ng pag-asa mula sa Kanyang (Allâh ﷻ) awa: "*Pahintulutan Mo akong manatili hanggang sa Araw na kapag sila ay binuhay na mag-uli upang mailigaw ko ang sinuman na makakayanan kong iligaw mula sa lahi ni Âdam*."

15. Sinabi ng Allâh (ﷻ): "*Katiyakan*, *ikaw ay kabilang sa Aking itinakda na mananatiling buhay hanggang sa unang pag-ihip ng trumpeta*, *na sa araw na yaon ay mamamatay ang lahat ng mga nilikha*."

16. Sinabi ni '*Iblees*,' na isinumpa ng Allâh (ﷻ): "*Dahil sa pagligaw Mo sa akin*, *gagawin ko ang lahat ng makakayanan ko upang iligaw ko ang mga lahi ni Âdam mula sa Matuwid Mong Landas*, *at haharangan ko sa kanila ang Islâm na kanilang* '*Fitrah*' (*o likas na katangian*).

17. "*Pagkatapos ay pupuntahan ko sila sa lahat ng dako*, *at haharangan ko sila sa katotohanan*, *at pagagandahin ko sa kanila ang kamalian*, *at tutuksuhin ko sila na mahumaling sa makamundong bagay*, *at papagdududahin ko sila hinggil sa Kabilang-Buhay*, *at hindi Mo makikita ang karamihan sa kanila na tatanaw ng utang na loob sa Iyong mga biyaya*."

18. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay '*Iblees*:' "*Lumabas ka mula sa Hardin*, *na kinapopootan at ipinagtatabuyan*; *na walang pag-aalinlangan na pupunuin Ko ang Impiyernong-Apoy mula sa iyo*, *at sa lahat ng susunod sa iyo mula sa lahi ni Âdam*."

19. "*O Âdam* (عليه السلام), *manirahan ka sa Hardin*, *ikaw at iyong asawa na si Hawwa`* (*Eva*), *at kumain kayong dalawa mula sa anuman na inyong nais sa mga bungang naririto*; *subali't huwag ninyong kakainin ang bunga ng punong iyon*, *dahil kapag ito ay inyong ginawa*, *magiging kabilang kayo sa mga masasama na lumabag sa batas ng Allâh*."

20. Pagkatapos ay tinukso ni '*Shaytân*' ('*Iblees*') sina Âdam at Hawwa` upang sila ay mahumaling sa paglabag sa Allâh sa pamamagitan ng pagkain mula sa punong yaon, na ipinagbabawal sa kanila ng Allâh (ﷻ); na ang magiging bunga ng paglabag na ito ay makikita nila ang kanilang '*Awrah*' (pribadong bahagi) at sinabi sa kanilang dalawa bilang panlilinlang: "*Katiyakan*, *ipinagbawal lamang sa inyo ng inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang pagkain sa bunga ng punong ito*, *upang kayo ay hindi maging anghel*, *at upang kayo ay hindi manatili magpasawalang-hanggan*."

21. At sumumpa si '*Shaytân*' kina Âdam at Hawwa` sa Pangalan ng Allâh (ﷻ), na siya ay nagpapayo lamang sa kanila, at nagmumungkahi na kumain mula sa punong iyon, subali't siya sa katotohanan ay sinungaling.

22. Na kung kaya, nailigaw at nalinlang sila ni '*Shaytân*,' at sila ay kumain mula sa punong ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) na lapitan, at noong sila ay nakakain ay lumantad ang kanilang mga pribadong bahagi at natanggal ang itinakip ng Allâh (ﷻ) dito na pantakip bago sila lumabag. At pagkatapos ay nagsimula nilang takpan ang kanilang mga pribadong bahagi ng mga dahon mula sa Hardin, at tinawag sila ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha: "*Hindi ba pinagbawalan ko kayo na kumain mula sa punong iyan*, *at sinabi Ko sa inyong dalawa*: '*Walang pag-aalinlangan*, *si* '*Shaytân*' *ay malinaw ninyong kaaway?*'"

At ang talatang ito ay nagpapatunay na ang paglantad ng '*Awrah*' ay isang matinding bagay, na hanggang sa ngayon ay patuloy pa rin na hindi katanggap-tanggap; at kinamumuhian ng mga may matitinong kaisipan.

23. At sinabi nina Âdam at Hawwa`: "*O Aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Hinamak namin ang Aming mga sarili sa pamamagitan ng pagkain mula sa punong yaon*, *at kung hindi Mo kami patatawarin at kaaawaan ay mapapabilang kami sa mga talunan*, *dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay*." [At ito ang mga salita na natagpuan ni Âdam mula sa kanyang '*Rabb*' at kanyang ipinanalangin upang mapatawad sila ng Allâh (ﷻ)].



24. Sinabi ng Allâh (ﷻ) bilang pakikipag-usap kina Âdam, Hawwa` at '*Iblees*:' "*Bumaba kayo mula rito patungo sa kalupaan at upang kayo ay mag-away-away sa isa't isa*, *at doon sa kalupaan ay mayroon kayong tirahan para sa inyo at doon kayo magpakaligaya hanggang sa matapos ang inyong pagkakatakda*."

25. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Âdam, kay Hawwa` at sa kanyang pamilya: "*Sa kalupaan kayo ay mababuhay*, *na rito ninyo gugugulin ang inyong makamundong buhay at sa kalupaan ding ito kayo ay mamamatay at ibabalik*, *at mula rito kayo ay bubuuin* (*o bubuhayin*) *na mag-uli ng inyong* '*Rabb*' *at titipunin kayo sa Araw ng Muling Pagkabuhay*."

26. O mga angkan ni Âdam! Katiyakan, Lumikha Kami para sa inyo ng kasuotan na inyong itatakip sa inyong mga '*Awrah*' (o pantakip sa mga katawan lalung-lalo na sa mga maseselan na bahagi nito) na ang kasuotang ito ay napakahalaga at magsisilbi rin ito bilang palamuti at nabibilang sa bahagi ng mga kabuuan sa inyong buhay at kasiyahan. At ang kasuotan ng pagkatakot sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsasagawa sa mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga ipinagbabawal ang siyang tunay na nakahihigit na kasuotan ng isang mananampalataya.

At ganito ang ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa inyo, ang mga palatandaan sa Kanyang pagiging '*Rabb*' na Tagapaglikha at Kaisahan, at sa Kanyang kagandahang-loob, at pagkaawa sa Kanyang mga alipin; nang sa gayon ay maalaala ninyo ang mga biyayang ito upang Siya ay mapasalamatan ninyo dahil

dito. Naririto ang pagsasaad ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga biyaya sa Kanyang mga nilikha.

27. O mga angkan ni Âdam! Huwag ninyong hayaan na malinlang kayo ni '*Shaytân*,' na pinagaganda sa inyo ang kasalanan, na katulad ng kanyang ginawa sa inyong mga magulang na sina Âdam at Hawwa`, na sila ay inilabas niya mula sa '*Al-Jannah*' (Hardin), na dahil doon ay inialis niya sa kanila ang kanilang damit na bilang pantakip ng Allâh (ﷻ) sa kanila upang lumantad ang kanilang '*Awrah*.' Katiyakan, si '*Shaytân*' ay nakikita niya kayo, siya at ang kanyang pamilya at kalahi, samantalang kayo ay hindi ninyo sila nakikita, na kung kaya, maging maingat kayo sa kanila.

Katiyakan, Kami, ginawa Namin ang mga '*Shaytân*' na tagapagtaguyod ng mga walang pananampalataya na hindi nila pinaniniwalaan ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ), at hindi nila pinaniniwalaan ang Kanyang mga Sugo at hindi sinusunod ang Kanyang patnubay.

28. At kapag nakagawa ang mga walang pananampalataya ng masamang gawain, ay nangangatwiran sila sa pagsagawa nila nito na ito raw ay namana nila sa kanilang mga ninuno, at ito raw sa katunayan ay ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa kanila. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay hindi nag-uutos sa Kanyang alipin ng mga masasamang gawain at mga kasalanan*, *kung gayon*, *nagsasabi ba kayo, O kayong mga* '*Mushrikûn*' *ng mga bagay na hindi ninyo alam*, *bilang kasinungalingan at pag-aangkin laban sa Allâh* (ﷻ)*?*"

29. Sabihin mo, sa kanila na mga '*Mushrikin*,' O Muhammad (ﷺ): "*Iniutos ng Aking* '*Rabb*' *ang pagiging makatarungan*, *at inutusan kayo na maging dalisay ang inyong pagsamba sa Kanya sa anumang uri ng pagsamba*, *at lalung-lalo na sa mga* '*Masjid*,' *at manalangin kayo sa Kanya bilang taimtim na pagsunod at pagsamba*, *at maniwala kayo sa pagkabuhay na mag-uli pagkatapos na mamatay*, *na katulad ng paglikha ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo mula sa wala ay walang pag-aalinlangan ang Kanyang kakayahan na ibalik muli ang inyong buhay sa ikalawang pagkakataon*."

30. Ginawa ng Allâh (ﷻ), ang Kanyang mga alipin na dalawang grupo: grupo na ginabayan Niya at pinatnubayan tungo sa Matuwid na Landas, at grupo na karapat-dapat maligaw mula sa matuwid na landas dahil sa pagturing nila sa mga '*Shaytân*' bilang '*awliyâ*`' (tagapagtaguyod) bukod sa Allâh, at sila ang sinunod nila bilang kamangmangan at pag-aakalang sila ay sumunod sa daan ng patnubay.



31. O mga angkan ni Âdam! Sa tuwing kayo ay magsasagawa ng '*Salâh*' ay maging malinis kayo at magsuot ng mga malilinis na kasuotan bilang pantakip sa inyong '*Awrah*' at kumain kayo at uminom mula sa mga malilinis na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa inyo, at huwag kayong magsayang sa pamamagitan ng pagiging mapag-aksaya. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya naiibigan ang mga mapag-aksaya sa pagkain, sa inumin at sa iba pa.

32. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), na mga mangmang mula sa mga '*Mushrikin*' (nagtatambal o sumasamba sa iba bukod sa Allâh): "*Sino ba ang nagbabawal sa inyo ng mga magagandang kasuotan na siyang ginawa ng Allâh bilang palamuti ninyo? At sino ang nagbabawal sa inyo na kainin ang mga malilinis na ipinahintulot ng Allâh* (ﷻ) *mula sa Kanyang mga ipinagkaloob?*"

Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila ng mga '*Mushrikin*:' "*Katiyakan*, *ang anumang ipinahintulot ng Allâh* (ﷻ) *na mga kasuotan at mga malilinis na pagkain at inumin*, *ay karapatan nila na mga naniwala sa Allâh dito sa buhay sa daigdig na karapatan din ng iba*, *subali't ito ay bukod-tangi na para sa kanila na mga mananampalataya sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Ang katulad ng paghahayag na ito ay kapahayagan ng Allâh* (ﷻ) *sa Kanyang talata para sa mga tao na nakaaalam kung ano ang ipinapahayag sa kanila at ito ay kanilang nauunawaan*."

33. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Ang ipinagbabawal lamang ng Allâh* (ﷻ) *ay mga* '*Al-Fawâhish*' (*mga malalaswang gawain*), *lantad man ito o lihim*, *lahat ng uri ng kasalanan at kabilang sa mga matitinding kasalanan mula rito ay ang pang-aapi sa mga tao dahil ito ay pagtapak ng karapatan*, *at pinagbawalan din kayo na sumamba ng iba bukod sa Allâh na kailanman ay hindi Siya nagbigay na pahintulot*, *at ipinagbawal din Niya ang pagsasabi ng mga bagay hinggil sa Kanya na wala kayong kaalaman*, *na tulad ng pag-aangkin na ang Allâh ay mayroong anak o pagbabawal ng mga*

ipinahintulot ng Allâh na hindi naman Niya ipinag-utos na katulad ng sa kasuotan o sa pagkain."

34. At ang bawa't grupo na nagsasama-sama sa paglabag sa Allâh at pagtanggi sa Kanyang mga Sugo ay mayroong nakatakdang oras ng pagdating ng parusa sa kanila, at kapag dumating ang oras na itinakda ng Allâh (ﷻ) upang sila ay puksain ay hindi nila ito maaantala nang kahit sandali at hindi nila ito maisusulong (o maiuusad).

35. O mga angkan ni Âdam! Kapag dumating sa inyo ang mga Sugo na mula sa inyo, na bibigkasin sa inyo ang mga talata ng Aking Aklat, at lilinawin sa inyo ang mga palatandaan na nagpapatotoo sa anuman na kanilang dala-dala sa inyo na mensahe, ay sundin ninyo sila, na samakatuwid, ang sinumang iiwas sa Aking poot at itinuwid niya ang kanyang gawa, ay wala siyang dapat na ipangamba sa araw ng Muling Pagkabuhay na anumang kaparusahan ng Allâh (ﷻ), at hindi sila manghihinayang sa anumang hindi nila nakamtan na makamundong buhay.

36. At ang mga walang pananampalataya na tinanggihan ang mga palatandaan ng Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at itinuring ito na may pagmamataas, sila ang mga maninirahan sa Impiyernong-Apoy na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan na kailanman ay hindi na sila makalalabas pa roon.

37. Sino pa ba ang higit na matindi ang kanyang kasamaan, kaysa sa isa na nagbintang ng mga kasinungalingan laban sa Allâh, o di kaya ay pinasinungalingan niya ang mga talata na ipinahayag ng Allâh (ﷻ)? Sa kanila ay darating ang anumang nakatakdang parusa na nakatala sa '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*,' hanggang sa kapag dumating na sa kanila ang anghel ng kamatayan at ang mga kasamahan nito upang kunin ang kanilang mga kaluluwa ay sasabihin nila (na mga anghel) sa kanila: "*Nasaan na ang mga yaong sinamba ninyo bukod sa Allâh*, *na mga katambal*, *mga* '*awliyâ*`' [*mga sinunod nila bukod sa Allâh na tulad ng mga imahen*] *at saka mga rebulto upang iligtas kayo sa anumang katayuan ninyo ngayon?*" At sila ay tutugon: "*Sila ay naglaho at nawala na sa amin*," at aaminin na nila sa kanilang mga sarili sa Araw na yaon na sila ay mga lumabag sa Kaisahan ng Allâh noong sila ay nasa daigdig.

38. Sasabihin ng Allâh (ﷻ), sa kanila na mga '*Mushrikin*' na sinungaling: "*Pumasok na kayo sa Impiyerno na kabilang sa mga grupo na katulad ninyo sa paglabag sa Allâh*, *katiyakan*, *nauna na ang mga nauna sa inyo na mga* '*Jinn*' *at mga tao*," na tuwing makapapasok ang isang grupo sa Impiyerno mula sa inyo, isinumpa niya ang kapareha niya, na siya ay naligaw dahil sa pagsunod niya rito, hanggang sa sila ay pinagsama-sama na sa Impiyernong-Apoy, ang naunang walang pananampalataya at ang mga huli, lahat sila, sasabihin ng mga nahuli na mga tagasunod: "*O aming* '*Rabb!*' *Sila ang mga nagligaw sa amin mula sa katotohanan*, *na kung kaya*, *parusahan Mo sila nang dobleng parusa sa Impiyernong-Apoy*." Sasabihin ng Allâh (ﷻ) sa kanila: "*Kayo at sila ay papatawan nang dobleng kaparusahan sa Impiyerno*, *subali't hindi ninyo naiintindihan kayo na mga tagasunod ang anumang parusa at mga paghihirap na tatamasahin ng bawa't grupo sa inyo*."

39. At sasabihin ng mga pinuno sa kanilang mga tagasunod: "*Kami at kayo ay magkakatulad sa parusa at hindi kayo lalamang sa amin*." Sasabihin ng Allâh (ﷻ) sa kanilang lahat: "*Lasapin ninyo ang parusa sa Impiyerno*; *dahil sa inyong nagawang mga kasalanan*."

40. Katiyakan, ang mga walang pananampalataya, na hindi pinaniwalaan ang Aming mga katibayan at mga palatandaan na nagpapatunay hinggil sa Aking Kaisahan, at hindi nila sinunod ang Aming batas bilang pagmamataas, ay hindi bubuksan ang mga pintuan ng kalangitan, para sa kanilang mga mababuting gawa na ginawa rito sa daigdig; at ganoon din, hindi rin bubuksan ang mga pintuan ng kalangitan para sa kanilang mga kaluluwa kapag sila ay namatay na, at kailanman, ang mga walang pananampalataya ay hindi maaaring makapasok ng '*Al-Jannah*' (Hardin) sa Araw na kapag sila ay binuhay nang mag-uli, maliban na lamang kung makapapasok ang kamelyo sa butas ng karayom at kailanman ito ay di-maaaring mangyari. At sa ganito ginagantihan ang sinumang sukdulan ang kanyang pagkakasala at matindi ang kanyang paglabag.

41. Sila na mga walang pananampalataya ay mananatili sa Impiyerno, at doon sa Impiyerno ay mayroong sapin (higaan) para sa kanila na gawa sa Impiyernong-Apoy at para sa kanila pa rin bilang panaklob ay Apoy din. At ang ganitong matinding parusa ang ipinapataw ng Allâh (ﷻ) sa mga '*Dzâlimin*' – mga lumabag sa hangganang itinakda ng Allâh na sila ay hindi naniwala.

42. At ang mga yaong naniwala sa Allâh at gumawa ng mga mababuting gawa ayon sa kanilang nakayanan – hindi Namin inuutusan ang sinuman ng mga gawain maliban lamang sa kanyang kakayahan – sila ang mga tao ng Hardin, at doon sila'y mananatili magpasawalang-hanggan.

43. At inalis Namin sa mga dibdib nilang mga nasa Hardin ang inggit at poot, at kabilang sa kabuuan ng kanilang kasiyahan doon ay mga ilog na umaagos sa ilalim ng mga Hardin. Sasabihin ng mga tao ng Hardin, kapag sila ay nakapasok na roon:

"*Ang papuri ay sa Allâh* (ﷻ) *lamang na Siyang naggabay sa amin sa paggawa ng mabuti na naging sanhi ng patnubay namin dito*, *na ngayon ay natatamasa namin ang kaligayahan dito*, *at kailanman ay hindi kami magagabayan tungo sa Matuwid na Landas kung hindi kami ginabayan ng Allâh* (ﷻ) *tungo rito at ginabayan kami na maging matatag sa Landas na ito! Katiyakan*, *dumating ang mga Sugo ng aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha bilang katotohanan na dala nila ang magandang balita sa mga tagasunod ng Allâh at babala sa mga lumalabag*."

At tatawagin sila bilang pagbati sa kanila at paggalang o pagpaparangal: "*Katiyakan*, *ang mga Harding ito ay nakamtan ninyo dahil sa awa ng Allâh*, *at dahil sa inyong nagawa na paniniwala sa Allâh at mabuting gawa*."

44. At mananawagan ang mga naninirahan sa Hardin pagkatapos nilang makapasok sa mga naninirahan sa Impiyerno, at kanilang sasabihin sa kanila: "*Katiyakan*, *natagpuan na namin ang katotohanan na ipinangako ng aming* '*Rabb*' *sa amin ayon sa sinabi ng Kanyang mga Sugo na gagantimpalaan Niya ang sinumang susunod sa Kanya*, *kung gayon*, *natagpuan na rin ba ninyo ang ipinangako sa inyo ng inyong* '*Rabb*' *na totoo ang sinabi ng Kanyang Sugo na parusa sa sinumang lalabag sa Kanya?*" Sasagutin sila ng mga naninirahan sa Impiyerno na kanilang sasabihin: "*Oo*, *katiyakan*, *natagpuan namin na totoo ang anumang ipinanga-kong kaparusahan sa amin ng aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha.*" At doon ay mananawagan ang tagapagpanawagan sa pagitan ng mga naninirahan sa Hardin at sa Impiyerno: "*Katiyakan*, *ang sumpa ng Allâh ay sa mga* '*Dzâlimin*' *na yaon ay sila na mga lumabag sa batas ng Allâh at hindi naniwala sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo.*"

45. Sila ang mga walang pananampalataya, na noon ay tinatanggihan nila ang Matuwid na Landas ng Allâh (ﷻ), at pinagbabawalan ang mga tao na ito ay kanilang sundin at hinahanapan nila ng paraan para baluktutin ang katuruan upang hindi maging malinaw sa sinumang (naghahangad ng katotohanan), at sila hinggil sa Kabilang-Buhay at ang anuman na nandoroon ay hindi nila pinaniniwalaan.

46. At sa pagitan ng mga nanirahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin) at sa mga nanirahan sa Impiyerno ang dakilang harang na tinatawag na '*A`raf*,' at nandoroon sa harang na yaon ang mga kalalakihan na kilala nila kung sinuman ang maninirahan sa '*Al-Jannah*' at ang maninirahan sa Impiyerno dahil sa mga tanda nito, na katulad ng pagiging maputi ang mukha ng mga maninirahan sa Hardin at pagiging maitim naman ng mukha ng mga maninirahan sa Impiyerno.

At ang mga kalalakihang ito ay nagpantay ang kanilang mga kabutihan at mga kasamaan na naghahangad sila ng awa ng Allâh (ﷻ). Mananawagan ang mga kalalakihan sa '*A`raf*' na ito sa mga naninirahan sa Hardin ('*Al-Jannah*') bilang

pagbati na kanilang sasabihin: "*Salâmun `alaykûm – kapayapaan ay sumainyo*," at ang mga nasa '*A`raf*' na ito ay hindi pa sila nakakapasok ng '*Al-Jannah*,' subali't sila'y naghahangad na makapasok doon.

47. At kapag nabaling ang paningin ng mga tao na ito, sa mga nanirahan sa Impiyerno, kanilang sasabihin: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Huwag mo kaming gawin na mapabilang sa mga taong* '*dzâlimin*' *dahil sa kanilang pagtambal o pagsamba ng iba* (*bukod sa Allâh*) *at sa kanilang paglabag*."

48. At tatawagin ng mga nasa '*A`raf*' na ito ang mga kalalakihan na kabilang sa mga pinuno ng mga walang pananampalataya na nasa Impiyerno, at ito ay nakikilala nila dahil sa mga namumukod-tanging tanda, na kanilang sasabihin: "*Hindi naging kapaki-pakinabang sa inyo ang inyong mga inipon na mga kayamanan at mga tagasunod na mga kalalakihan sa daigdig*, *at hindi rin naging kapaki-pakinabang sa inyo ang inyong pagmamataas para hindi paniwalaan ang Allâh* (ﷻ) *at hindi tanggapin ang katotohanan*."

49. Di ba sila na mga mahihina at mga mahihirap, na mga naninirahan sa Hardin, na kung saan ay sumumpa kayo noong kayo ay nasa daigdig pa, na ang Allâh (ﷻ) ay hindi sila ibibilang sa Kanyang awa sa Araw ng Muling Pagkabuhay at hindi sila makapapasok sa Hardin kailanman?

(Sasabihin ng Allâh ﷻ sa mga yaon): "*Pumasok na kayo sa Hardin*, *O kayo na mga nasa* '*A`raf*' *dahil katiyakang kayo ay pinatawad na ng Allâh* (ﷻ), *na kayo ay walang dapat na katakutan sa parusa ng Allâh at wala rin kayong dapat na ikalungkot sa anumang hindi ninyo nakamtan na makamundong buhay*."

50. At hihingi ng saklolo ang mga naninirahan sa Impiyerno sa mga naninirahan sa Hardin na kanilang sasabihin: "*Bahaginan ninyo kami ng tubig o anumang ipinagkaloob ng Allâh sa inyo na mga pagkain*," At sasagutin sila: "*Walang pag-aalinlangan*, *ipinagbawal pareho ng Allâh* (ﷻ) *ang inumin at pagkain sa mga hindi naniwala sa Kanyang Kaisahan at tumanggi sa Kanyang mga Sugo*."

51. "*Ang mga yaong ipinagbawal ng Allâh sa kanila ang anumang kasiyahan sa Kabilang-Buhay dahil sa pagturing nila bilang laruan at libangan sa* '*Deen*' *o Relihiyon na ipinag-utos ng Allâh*, *at hindi nila ito pinahalagahan*, *at nilinlang sila ng makamundong buhay at naging abala sila dahil sa kinang nito na nakalimutan nila ang gawain para sa Kabilang-Buhay*."

Sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay pababayaan sila ng Allâh (ﷻ) at sila ay itatapon sa masidhing kaparusahan, na katulad ng pagpapabaya nila sa gawain para sa pakikipagtagpo sa Araw na ito, at dahil sa kinagawian nilang pagtanggi sa mga katibayan at mga palatandaan ng Allâh (ﷻ).



52. At katiyakan, dinala Namin sa mga walang pananampalataya ang Dakilang Qur'ân na Aming ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na ipinaliwanag Namin ito nang ganap na may kasamang dakilang kaalaman, na bilang gabay mula sa pagkaligaw tungo sa patnubay at awa sa mga taong naniniwala sa Allâh at isinasagawa ang Kanyang batas.

Paliwanag: Binukod-Tangi ng Allâh (ﷻ) ang pagturing sa mga mananampalataya rito sa kadahilanang sila lamang ang makikinabang nito.

53. May hinihintay ba ang mga walang pananampalataya maliban sa kung ano ang ipinangako sa kanila sa Dakilang Qur'ân na parusa na walang pag-aalinlangang maisasakatuparan sa kanila? Sa Araw na mangyayari ang paghuhukom, pagbabayad at pagpaparusa sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sasabihin ng mga walang pananampalataya na tinalikuran nila ang Dakilang Qur'ân, na hindi nila pinaniwalaan sa daigdig: "*Tunay na maliwanag na sa amin ngayon*, *na ang mga Sugo ng aming* '*Rabb*' *ay sila ang nagdala ng katotohanan*, *at pinayuhan nila kami*, *na kung kaya*, *mayroon ba kaming mga kaibigan at tagapamagitan na mamagitan sa amin sa aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha o di kaya ay muli kaming ibabalik sa mundo upang matupad namin ang gawain na kasiya-siya sa Allâh* (ﷻ) *mula sa amin?*"

Katiyakan, winasak nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagpasok nila sa Impiyerno at pananatili nila roon, at naglaho na ang sinumang sinamba nila bukod sa Allâh, at mga kasinungalingan sa daigdig na mga ipinangako sa kanila ni '*Shaytân*.'

54. Katiyakan, ang inyong '*Rabb*,' O kayong mga tao ay ang Allâh (ﷻ) na Siyang Lumikha ng mga kalangitan at ng kalupaan mula sa wala sa loob ng Anim na Araw, pagkatapos Siya ay nag-'*Istawâ*' – pumaroon sa taas ng Kanyang '*Arsh*' (isinaling Trono) na angkop na angkop sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan, ipinapasok Niya ang gabi sa araw hanggang sa ito ay sumanib sa araw hanggang sa mawala ang liwanag nito, at ipinapasok Niya ang araw sa gabi upang mawala ang kadiliman nito, at bawa't isa rito ay nangyayari nang napakadali, Siya ang

Allâh (ﷻ), ang Lumikha ng araw at ng buwan at mga bituin at ipinapasailalim Niya ang mga ito sa Kanyang pag-aatas, na ipinapasunod Niya sa kung ano ang Kanyang nais, at ang mga ito ay kabilang sa mga dakilang palatandaan ng Allâh (ﷻ). Na kung kaya, dapat ninyong mabatid na Siya lamang ang Bukod-Tanging Lumikha ng lahat at gayundin ang lahat ng Pag-aatas. Luwalhati sa Allâh (ﷻ), ang Napakadakila na Siya ay malayo sa anumang pagkukulang, na Siya ang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang.

55. Manalangin kayo sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O kayong mga mananampalataya, nang buong kataimtiman at kapakumbabaan at palihim, at maging ang inyong panalangin ay may '*khushoo*' na malayo sa pagpapakitang-tao o pagkukunwari. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya naiibigan ang sinumang lumalabag sa Kanyang batas, at ang pinakamatindi sa lahat ng paglabag ay ang '*Shirk*' (pagtatambal sa pagsamba sa Allâh o pagsamba ng iba bukod sa Allâh) na tulad ng panalangin sa mga namatay, mga rebulto at iba na mga kapareho nito.

56. At huwag kayong gumawa ng kapinsalaan sa kalupaan, kahit anumang uri nito, pagkatapos itong mailagay sa kaayusan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga Sugo at pagtaguyod nito sa pamamagitan ng pagsunod sa Allâh (ﷻ), at manalangin kayo sa Kanya nang taimtim na panalangin; bilang pagkatakot sa Kanyang kaparusahan at paghahangad ng Kanyang gantimpala. Katiyakan, ang Awa ng Allâh (ﷻ) ay malapit sa mga mababuti.

57. At Siya ang Allâh (ﷻ), ang nagpapadala ng mga banayad na hangin na nagpapahiwatig ng pagdating ng ulan sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ), na siyang nagpapagalak sa mga tao ng pagdating nito, na kung kaya, nasisiyahan ang mga nilikha ng Allâh dahil sa Kanyang habag. Hanggang kapag dinala na ng hangin ang ulap na nagdadala ng ulan para buhayin ang kalupaan na tuyot, mga puno at pananim na natuyo; at pagkatapos ay sinanhi na ng Allâh (ﷻ) na ibaba ang ulan, na sa pamamagitan nito ay nagsisisibol ang mga damuhan, mga puno at mga pananim, at nagkakaroon ng mga bunga ang mga punungkahoy at mga pananim.

Samakatuwid, ganoon Namin bubuhayin na mag-uli ang mga patay mula sa kanilang libingan na sila ay mababuhay na mag-uli pagkatapos nilang maagnas; na katulad ng pagbuhay Namin sa tuyot na kalupaan upang ito ay maging aral at maging tanda sa inyo hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Ganap na Kapangyarihan sa pagbuhay na mag-uli ng mga namatay.


وَٱلْبَلَدُ ٱلطَّيِّبُ يَخْرُجُ نَبَاتُهُۥ بِإِذْنِ رَبِّهِۦ ۖ وَٱلَّذِى خَبُثَ لَا يَخْرُجُ
إِلَّا نَكِدًا ۚ كَذَٰلِكَ نُصَرِّفُ ٱلْءَايَٰتِ لِقَوْمٍ يَشْكُرُونَ ﴿٥٨﴾
لَقَدْ أَرْسَلْنَا نُوحًا إِلَىٰ قَوْمِهِۦ فَقَالَ يَٰقَوْمِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مَا لَكُم
مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُۥٓ ۖ إِنِّىٓ أَخَافُ عَلَيْكُمْ عَذَابَ يَوْمٍ عَظِيمٍ ﴿٥٩﴾
قَالَ ٱلْمَلَأُ مِن قَوْمِهِۦٓ إِنَّا لَنَرَىٰكَ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٦٠﴾ قَالَ
يَٰقَوْمِ لَيْسَ بِى ضَلَٰلَةٌ وَلَٰكِنِّى رَسُولٌ مِّن رَّبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ
﴿٦١﴾ أُبَلِّغُكُمْ رِسَٰلَٰتِ رَبِّى وَأَنصَحُ لَكُمْ وَأَعْلَمُ مِنَ ٱللَّهِ
مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿٦٢﴾ أَوَعَجِبْتُمْ أَن جَآءَكُمْ ذِكْرٌ مِّن رَّبِّكُمْ عَلَىٰ
رَجُلٍ مِّنكُمْ لِيُنذِرَكُمْ وَلِتَتَّقُوا۟ وَلَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ ﴿٦٣﴾ فَكَذَّبُوهُ
فَأَنجَيْنَٰهُ وَٱلَّذِينَ مَعَهُۥ فِى ٱلْفُلْكِ وَأَغْرَقْنَا ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟
بِـَٔايَٰتِنَا ۖ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ قَوْمًا عَمِينَ ﴿٦٤﴾ ۞ وَإِلَىٰ عَادٍ أَخَاهُمْ
هُودًا ۚ قَالَ يَٰقَوْمِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُۥٓ ۚ أَفَلَا تَتَّقُونَ
﴿٦٥﴾ قَالَ ٱلْمَلَأُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِن قَوْمِهِۦٓ إِنَّا لَنَرَىٰكَ فِى
سَفَاهَةٍ وَإِنَّا لَنَظُنُّكَ مِنَ ٱلْكَٰذِبِينَ ﴿٦٦﴾ قَالَ يَٰقَوْمِ
لَيْسَ بِى سَفَاهَةٌ وَلَٰكِنِّى رَسُولٌ مِّن رَّبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٦٧﴾

58. At ang mga masaganang kalupaan kapag nabuhusan ng ulan ay sumisibol mula roon ang mga pananim sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ), bilang mga magaganda at malalago, at ganoon ang isang mananampalataya kapag ipina-hayag ang mga talata ng Allâh (ﷻ) ay nagiging kapaki-pakinabang ito sa kanya at magkakabunga ng mabuting pamumuhay, subali't ang hindi mabuting kalupaan ay hindi nagpapasibol ng mga pananim kundi bibihira lamang at hindi pa magaganda at wala pang pakinabang at hindi nagpapasibol ng mga magagandang pananim, gayundin ang walang pananampalataya kung gayon, di naging kapaki-pakinabang sa kanya ang mga talata ng Allâh (ﷻ).

Ang pagpapaliwanag ng mga katulad nito, na iba't ibang magagandang parabola ay ipinapakita ng Allâh (ﷻ) ang mga katibayan at palatandaan upang patunayan ang katotohanan sa mga taong nagpapasalamat sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) at sumusunod sa Kanya.

59. Katiyakan, ipinadala Namin si Nûh (عليه السلام) sa kanyang sambayanan upang hikayatin sila tungo sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at taos-puso na pagsamba lamang sa Kanya, na kanyang sinabi: "*O aking sambayanan! Sambahin ninyo ang Allâh* (ﷻ) *nang Nag-iisa*, *magpasailalim kayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod*, *dahil wala kayong* '*ilâh*' *o diyos na dapat sambahin bukod sa Kanya*, *at kapag hindi kayo sumunod at nanatili kayo kung gayon sa pagsamba sa mga rebulto*, *katiyakan*, *natatakot ako na mangyari sa inyo ang kaparusahan sa Dakilang Araw*, *na roon ay mayroong masidhing paghihirap para sa inyo*, *na ito ay sa Araw ng Muling Pagkabuhay*."

60. Sinabi sa kanya ng kanilang mga pinuno at mga matataas na antas na mga tao mula sa kanila: "*Katiyakan*, *nakikita namin na kayo ay nasa malinaw na pagkaligaw mula sa Tamang Daan*."

61. Sinabi ni Nûh (عليه السلام): "*O aking sambayanan! Walang kamalian sa akin at hindi ako ligaw sa anumang kaparaanan*, *kundi ako ay Sugo na mula sa Allâh*

(ﷻ) – *na Siyang aking* '*Rabb*' *at inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at Siyang* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha*."

62. "*Ipinararating ko sa inyo ang mensahe na ipinarating sa akin mula sa aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *at pinapayuhan ko kayo nang taos-puso at binabalaan mula sa parusa ng Allâh* (ﷻ) *at ibinabalita ang Kanyang gantimpala*, *at batid ko ang Kanyang batas subali't kayo ay hindi ninyo ito batid*."

63. "*At kataka-taka ba sa inyo*, *na magpadala ang Allâh* (ﷻ) *ng magpapaalaala hinggil sa anumang makabubuti sa inyo*, *sa pamamagitan ng isang tao na mula sa inyo*, *na kilala ninyo ang kanyang lahi at kanyang katapatan*; *upang mabalaan kayo sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ) *at upang ilayo kayo sa Kanyang poot sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya at pag-asam na makamtan ninyo sa pamamagitan ng Kanyang awa ang Kanyang masaganang gantimpala?* "

64. Subali't pinasinungalingan nila si Nûh (عليه السلام), na kung kaya, iniligtas Namin siya at ang ilan na naniwala sa kanya sa Arka ('*Safeenah*'– malaking sasakyang pantubig), at nilunod Namin ang mga walang pananampalataya na tinanggihan ang Aming mga malinaw na katibayan. Katiyakan, bulag ang kanilang mga puso sa pagkakakita ng katotohanan.

65. At katiyakan, ipinadala Namin sa sambayanan ni `Âd ang kanilang kapatid na si Hud (عليه السلام), noong sila ay sumamba sa mga rebulto bukod sa Allâh, at sinabi niya sa kanila: "*Sambahin ninyo ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi*, *dahil wala kayong* '*ilâh*' *o diyos na karapat-dapat sambahin bukod sa Kanya*, *na kung kaya*, *hindi ba kayo natatakot sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang galit sa inyo?*"

66. Sinabi ng mga pinuno na hindi naniwala mula sa sambayanan ni Hûd (عليه السلام): "*Katiyakan*, *nakikita namin na ikaw ay may kakulangan sa pag-iisip sa pamamagitan ng paghikayat mo sa amin na umiwas sa mga diyus-diyusan na aming sinasamba at sambahin lamang ang Allâh nang bukod-tangi*, *at walang pag-aalinlangang iniisip namin na ikaw ay kabilang sa mga sinungaling na nagsisinungaling laban sa Allâh*."

67. Sinabi ni Hûd (عليه السلام): "*O aking sambayanan! Walang pagkukulang sa aking kaisipan kundi ako ay Sugo sa inyo mula sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang* '*Rabb*' *ng lahat ng nilikha.*"



68. "*Ipinararating ko sa inyo ang mensaheng ipinag-utos ng aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na iparating sa inyo*, *at katiyakang sa paghihikayat ko sa inyo hinggil sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at pagsunod sa Kanyang batas ay bilang tagapagpayo na pinagkatiwalaan ng Rebelasyon ng Allâh*."

69. "*At kataka-taka ba sa inyo ang pagpapadala ng Allâh* (ﷻ) *ng Tagapagpaalaala ng kabutihan*, *na ang nagpapahayag nito ay tao na mula rin sa inyo*, *na kilala ninyo ang kanyang lahi at kanyang katapatan*, *upang mabalaan kayo hinggil sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ)*? At alalahanin ninyo ang biyaya ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*, *na ginawa Niya kayo bilang kahalili* (*ng mga naunang henerasyon*) *na nauna sa inyo na mangangasiwa rito sa kalupaan pagkatapos puksain ng Allâh* (ﷻ) *ang sambayanan ni Nûh* (عليه السلام), *at ginawa Niya kayong malalakas*, *matataas at matitipuno sa pangangatawan*, *at alalahanin ninyo ang mga masasaganang biyaya ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*, *nang sa gayon ay makamtan ninyo ang dakilang tagumpay dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay*."

70. At sinabi ng sambayanan ni `Âd kay Hûd (عليه السلام): "*Hinihikayat mo ba kami na sambahin ang Allâh nang bukod-tangi at ipinapaiwas mo na ipasamba sa amin ang mga rebulto na siyang natutunan naming sambahin ito sa aming mga magulang? Kung gayon*, *dalhin mo ang ipinapanakot mong parusa sa amin kung ikaw ay totoo sa iyong mga sinasabi*."

71. Sinabi ni Hûd (عليه السلام) sa kanyang sambayanan: "*Katiyakan*, *naganap na ang parusa at galit sa inyo mula sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na Kataas-taasan*, *na kung kaya*, *makikipagtalo pa ba kayo sa akin hinggil sa mga diyus-diyusang ito na kayo lamang ang nagbigay ng mga pangalan*, *kayo at ang inyong mga ninuno*, *na kailanma'y hindi nagpadala ang Allâh* (ﷻ) *ng anumang katibayan at kapahintulutan para ito ay inyong sambahin*; *dahil sa ito ay nilikha lamang na hindi makapipinsala at hindi makapagbibigay ng anumang kapakinabangan? Gayong ang dapat ninyong sambahin ay ang Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tanging Tagapaglikha*, *kaya hintayin ninyo ang pagbaba ng parusa sa inyo dahil kami rin*

ay kasama ninyo sa paghihintay, *at ito ang pinakamatinding babala at paghamon.*"

72. At nangyari sa kanila ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila ng malakas na hangin, iniligtas ng Allâh (ﷻ) si Hûd (عليه السلام) at ang mga yaong naniwala na kasama niya bilang dakilang awa mula sa Kanya, at pinuksa ang mga walang pananampalataya mula sa kanyang sambayanan, lahat sila ay winasak hanggang sa kahuli-hulihan sa kanila, at hindi sila kailanman naniwala dahil sabay ang kanilang pagtanggi sa mga talata ng Allâh (ﷻ) at pag-iwas sa mabuting gawa.

73. At katiyakan, ipinadala Namin sa sambayanan ni Thamoud ang kanilang kapatid na si Sâleh (عليه السلام), noong sila ay sumamba ng mga rebulto bukod sa Allâh, at sinabi ni Sâleh (عليه السلام) sa kanila:

"*O aking sambayanan! Sambahin ninyo ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi! Wala kayong* '*ilâh*' *o diyos na karapat-dapat sambahin bukod sa Kanya. Katiyakan*, *dala-dala ko sa inyo ang katibayan na totoo ang aking hinihikayat sa inyo*, *noong ako ay nanalangin sa Allâh* (ﷻ) *sa harap ninyo*, *at pinalitaw Niya sa inyo mula sa malaking bato ang dakilang kamelyo na katulad ng inyong hiniling*, *na kung kaya*, *pabayaan ninyo siya na kumain sa ibabaw ng kalupaan mula sa pastulan*, *at huwag ninyo itong pinsalain*, *dahil tatamaan kayo ng matinding kaparusahan mula sa Allâh* (ﷻ) *kung ito ay inyong gagawin.*"


وَاذْكُرُوٓا۟ إِذْ جَعَلَكُمْ خُلَفَآءَ مِنۢ بَعْدِ عَادٍ وَبَوَّأَكُمْ
فِى ٱلْأَرْضِ تَتَّخِذُونَ مِن سُهُولِهَا قُصُورًا وَتَنْحِتُونَ
ٱلْجِبَالَ بُيُوتًا ۖ فَٱذْكُرُوٓا۟ ءَالَآءَ ٱللَّهِ وَلَا تَعْثَوْا۟ فِى ٱلْأَرْضِ
مُفْسِدِينَ ﴿٧٤﴾ قَالَ ٱلْمَلَأُ ٱلَّذِينَ ٱسْتَكْبَرُوا۟ مِن
قَوْمِهِۦ لِلَّذِينَ ٱسْتُضْعِفُوا۟ لِمَنْ ءَامَنَ مِنْهُمْ أَتَعْلَمُونَ
أَنَّ صَٰلِحًا مُّرْسَلٌ مِّن رَّبِّهِۦ ۚ قَالُوٓا۟ إِنَّا بِمَآ أُرْسِلَ بِهِۦ
مُؤْمِنُونَ ﴿٧٥﴾ قَالَ ٱلَّذِينَ ٱسْتَكْبَرُوٓا۟ إِنَّا بِٱلَّذِىٓ
ءَامَنتُم بِهِۦ كَٰفِرُونَ ﴿٧٦﴾ فَعَقَرُوا۟ ٱلنَّاقَةَ وَعَتَوْا۟ عَنْ
أَمْرِ رَبِّهِمْ وَقَالُوا۟ يَٰصَٰلِحُ ٱئْتِنَا بِمَا تَعِدُنَآ إِن كُنتَ مِنَ
ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٧٧﴾ فَأَخَذَتْهُمُ ٱلرَّجْفَةُ فَأَصْبَحُوا۟ فِى دَارِهِمْ
جَٰثِمِينَ ﴿٧٨﴾ فَتَوَلَّىٰ عَنْهُمْ وَقَالَ يَٰقَوْمِ لَقَدْ أَبْلَغْتُكُمْ
رِسَالَةَ رَبِّى وَنَصَحْتُ لَكُمْ وَلَٰكِن لَّا تُحِبُّونَ ٱلنَّٰصِحِينَ
﴿٧٩﴾ وَلُوطًا إِذْ قَالَ لِقَوْمِهِۦٓ أَتَأْتُونَ ٱلْفَٰحِشَةَ مَا سَبَقَكُم
بِهَا مِنْ أَحَدٍ مِّنَ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٨٠﴾ إِنَّكُمْ لَتَأْتُونَ ٱلرِّجَالَ
شَهْوَةً مِّن دُونِ ٱلنِّسَآءِ ۚ بَلْ أَنتُمْ قَوْمٌ مُّسْرِفُونَ ﴿٨١﴾

74. "*At alalahanin ninyo ang biyaya ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*, *na ginawa Niya kayo bilang kahalili ng mga nauna*, *upang mangasiwa rito sa kalupaan pagkatapos ng sambayanan ni `Âd at pinag-kalooban kayo ng magandang kabuhayan at tirahan dito sa kalupaan*, *na nagtatayo kayo sa inyong mga sarili ng mga magagarang palasyo sa kapatagan*, *at iniuukit ninyo ang mga batong bundok upang gawin ninyong tahanan*, *na kung kaya*, *alalahanin ninyo ang mga biyaya ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo at huwag kayong magsitungo sa mga kalupaan upang magsagawa ng mga kasiraan*."

75. Sinabi ng mga pinuno at mga matataas mula sa mga yaong nagmamataas sa sambayanan ni Sâleh (عليه السلام), sa kanila na mga mananampalataya na kanilang minamaliit at hinahamak: "*Alam ba ninyo kung si Sâleh ay tunay na ipinadala ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo?*" Sinabi ng mga mananampalataya: "*Katiyakan*, *kami ay naniniwala sa kung ano ang ipinag-utos ng Allâh* (ﷻ) *sa kanya*, *na kami ay sumusunod sa Kanyang batas.*"

76. Sinabi ng mga nagmataas: "*Walang pag-aalinlangang tinatanggihan namin ang hinggil sa kung ano ang inyong pinaniniwalaan at sinusunod na pagiging Propeta ni Sâleh.*"

77. Na samakatuwid ay pinatay nila ang babaing kamelyo bilang pagmamaliit sa ibinigay na babala sa kanila ni Propeta Sâleh (عليه السلام), at nagmataas sila sa pamamagitan ng pagtanggi sa anumang ipinag-utos ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at kanilang sinabi bilang pangungutya at bilang di-paniniwala sa kaparusahan: "*O Sâleh! Dalhin mo sa amin ang ipinapanakot mong kaparusahan*, *kung ikaw ay kabilang sa mga Sugo ng Allâh*."

78. Kaya, pinuksa ang mga walang pananampalataya sa pamamagitan ng matinding paglindol na naging kasindak-sindak sa kanilang mga puso, na kung kaya, sila ay namatay na nakasubsob ang kanilang mga mukha sa kalupaan at walang sinuman ang nakaligtas sa kanila.

79. At pagkatapos ay iniwan ni Sâleh ang kanyang sambayanan, noong pinatay nila ang babaing kamelyo at noong natiyak na niya ang pagpuksa sa kanila at kanyang sinabi sa kanila: "*O aking sambayanan! Katiyakang naiparating ko sa inyo ang anumang inatas ng aking* '*Rabb*' *na iparating sa inyo na mga pag-uutos at pagbabawal*, *at ginawa ko sa abot ng aking kakayahan ang pagpapayo sa inyo upang maibigan ninyo ang Islâm at matakot kayo sa ipaparusa sa mga tatanggi rito*, *subali't ayaw ninyo sa mga nagbibigay ng payo at ibinabalik ninyo sa kanila ang kanilang mga ipinapayo at sa halip ang sinunod ninyo ay ang lahat ng pagbubuyo ni Satanas na isinumpa*."

80. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), si Lût (عليه السلام), noong sinabi niya sa kanyang sambayanan: "*Gumagawa ba kayo ng mga karumal-dumal na kasalanan na sukdulan ang pagiging nakadidiri nito na walang sinuman ang nakagawa nito sa mga nauna sa inyo na mga nilikha?*"

81. "*Dahil sa walang pag-aalinlangan na kayo ay gumagawa ng mga pagnanasa sa inyong kapuwa kalalakihan na wala kayong pakialaman sa kadirihan nito*, *at binabalewala ninyo ang ipinahintulot ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo na inyong mga asawa at sa halip ay lumalabag kayo sa batas ng Allâh* (ﷻ)."

Paliwanag: Dahil ang pagsagawa ng kahalayan ng mga kalalakihan sa kanilang kapuwa kalalakihan sa halip na sa mga asawa nilang kababaihan ay kabilang sa mga karumal-dumal na kasalanan na sinimulan ng sambayanan ni Lût (عليه السلام) na walang sinuman na nakagawa nito sa mga nauna sa kanila.


وَمَا كَانَ جَوَابَ قَوْمِهِۦٓ إِلَّآ أَن قَالُوٓا۟ أَخْرِجُوهُم مِّن
قَرْيَتِكُمْ ۖ إِنَّهُمْ أُنَاسٌ يَتَطَهَّرُونَ ﴿٨٢﴾ فَأَنجَيْنَٰهُ وَأَهْلَهُۥٓ
إِلَّا ٱمْرَأَتَهُۥ كَانَتْ مِنَ ٱلْغَٰبِرِينَ ﴿٨٣﴾ وَأَمْطَرْنَا عَلَيْهِم
مَّطَرًا ۖ فَٱنظُرْ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿٨٤﴾
وَإِلَىٰ مَدْيَنَ أَخَاهُمْ شُعَيْبًا ۗ قَالَ يَٰقَوْمِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ
مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُۥ ۖ قَدْ جَآءَتْكُم بَيِّنَةٌ مِّن
رَّبِّكُمْ ۖ فَأَوْفُوا۟ ٱلْكَيْلَ وَٱلْمِيزَانَ وَلَا تَبْخَسُوا۟
ٱلنَّاسَ أَشْيَآءَهُمْ وَلَا تُفْسِدُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ بَعْدَ
إِصْلَٰحِهَا ۚ ذَٰلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ
﴿٨٥﴾ وَلَا تَقْعُدُوا۟ بِكُلِّ صِرَٰطٍ تُوعِدُونَ وَتَصُدُّونَ
عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ مَنْ ءَامَنَ بِهِۦ وَتَبْغُونَهَا عِوَجًا ۚ
وَٱذْكُرُوٓا۟ إِذْ كُنتُمْ قَلِيلًا فَكَثَّرَكُمْ ۖ وَٱنظُرُوا۟
كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿٨٦﴾ وَإِن كَانَ طَآئِفَةٌ
مِّنكُمْ ءَامَنُوا۟ بِٱلَّذِىٓ أُرْسِلْتُ بِهِۦ وَطَآئِفَةٌ لَّمْ يُؤْمِنُوا۟
فَٱصْبِرُوا۟ حَتَّىٰ يَحْكُمَ ٱللَّهُ بَيْنَنَا ۚ وَهُوَ خَيْرُ ٱلْحَٰكِمِينَ ﴿٨٧﴾

82. At walang anumang naisagot ang sambayanan ni Lût (عليه السلام) noong pinagbawalan sila sa mga karumal-dumal na gawain, kundi sinabi ng ilan sa kanila sa iba: "*Palayasin ninyo si Lût at ang kanyang pamilya sa inyong bayan*, *dahil sila ay mga taong malilinis na inaayawan ang mga nakadidiring bagay.*"

83. Na kung kaya, iniligtas ng Allâh (ﷻ) si Lût (عليه السلام) at ang kanyang pamilya mula sa parusa noong siya ay inutusan na umalis sa bayan na yaon maliban sa kanyang asawa, dahil siya sa katunayan ay naging kabilang sa mga pinuksa na pinanatili sa kaparusahan ng Allâh.

84. At pinarusahan ng Allâh (ﷻ) ang mga walang pananampalataya mula sa sambayanan ni Lût (عليه السلام) sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila ng ulan na mga bato at itinaob ang kanilang bayan na ang ibabaw nito ay napunta sa ilalim, na kung kaya, pagmasdan, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang naging kinahinatnan ng mga yaong malalakas ang loob sa pagsagawa ng kasalanan sa Allâh (ﷻ) at pagtanggi sa mga Sugo.

85. At katiyakan, ipinadala Namin sa sambayanan ni Madyan ang kanilang kapatid na si Shu`ayb (عليه السلام) at sinabi sa kanila: "*O aking sambayanan! Sambahin ninyo ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi na walang katambal*; *dahil wala kayong* '*ilâh*' *o diyos na karapat-dapat sambahin bukod sa Kanya! Katiyakan*, *dumating sa inyo ang malinaw na palatandaan mula sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na totoo ang ihinihikayat ko sa inyo*, *na kung kaya*, *ibigay ninyo sa mga tao ang kanilang mga karapatan sa pamamagitan ng pagbigay ng tamang sukat at tamang timbang at huwag ninyong dayain ang kanilang mga karapatan*, *dahil maaapi ninyo sila*, *huwag kayong magkalat ng kasiraan dito sa kalupaan sa pamamagitan ng pagtanggi at pang-aapi*, *pagkatapos ilagay ito sa tamang kaayusan sa pamamagitan ng mga kautusan at batas na ibinigay sa mga naunang mga Propeta.*

"*Dahil ang pagpapahayag na ito sa inyo ay nakabubuti sa inyo rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay*, *kung kayo ay naniniwala sa aking pagpapahayag at sumusunod sa batas ng Allâh* (ﷻ)."

86. "*At huwag mag-abang sa bawa't daan upang pagbantaan ang mga tao ng kamatayan*, *kung hindi nila ibibigay sa inyo ang kanilang mga kayamanan*, *at huwag ninyong harangan ang Matuwid na Daan ng Allâh sa sinumang naniniwala sa Allâh at gumagawa ng kabutihan*, *at naghahangad kayo na baluktutin ang Matuwid na Daan tungo sa Allâh* (ﷻ), *na ito ay inililihis ninyo upang masunod ang inyong kagustuhan upang ilayo ang mga tao sa pagsunod nito. At alalahanin ninyo ang biyaya ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo noong kakaunti pa lamang ang inyong bilang*, *at pagkatapos ay pinarami Niya kayo at naging mga malalakas kayo na mga makapangyarihan. At tingnan ninyo kung ano ang naging kinahinatnan ng mga gumagawa ng kasamaan dito sa kalupaan*, *at kung paano ang pagkawasak at kapahamakan na nangyari sa kanila?*"

87. "*At kapag may isang grupo na naniwala sa kung ano ang ipinag-utos ng Allâh na mensahe sa akin at ang isang grupo naman ay hindi naniwala*, *samakatuwid ay magtiis kayo at abangan ninyo*, *O kayong mga hindi naniniwala sa paghuhukom ng Allâh*, *ang paghahatol sa pagitan namin at sa pagitan ninyo*, *sa oras na mangyari ang Kanyang parusa sa inyo na siyang aking ibinabala. At ang Allâh* (ﷻ), *Siya ang* '***Khayrul Hâkimeen***' *– ang Pinakamagaling sa mga hukom na Siyang maghuhukom sa pagitan ng Kanyang mga alipin*."

قَالَ الْمَلَأُ الَّذِينَ اسْتَكْبَرُوا مِن قَوْمِهِ لَنُخْرِجَنَّكَ يَا شُعَيْبُ
وَالَّذِينَ آمَنُوا مَعَكَ مِن قَرْيَتِنَا أَوْ لَتَعُودُنَّ فِي مِلَّتِنَا ۚ قَالَ أَوَلَوْ
كُنَّا كَارِهِينَ ﴿٨٨﴾ قَدِ افْتَرَيْنَا عَلَى اللَّهِ كَذِبًا إِنْ عُدْنَا فِي مِلَّتِكُم
بَعْدَ إِذْ نَجَّانَا اللَّهُ مِنْهَا ۚ وَمَا يَكُونُ لَنَا أَن نَّعُودَ فِيهَا إِلَّا أَن يَشَاءَ
اللَّهُ رَبُّنَا ۚ وَسِعَ رَبُّنَا كُلَّ شَيْءٍ عِلْمًا ۗ عَلَى اللَّهِ تَوَكَّلْنَا ۚ رَبَّنَا افْتَحْ
بَيْنَنَا وَبَيْنَ قَوْمِنَا بِالْحَقِّ وَأَنتَ خَيْرُ الْفَاتِحِينَ ﴿٨٩﴾ وَقَالَ الْمَلَأُ
الَّذِينَ كَفَرُوا مِن قَوْمِهِ لَئِنِ اتَّبَعْتُمْ شُعَيْبًا إِنَّكُمْ إِذًا لَّخَاسِرُونَ
﴿٩٠﴾ فَأَخَذَتْهُمُ الرَّجْفَةُ فَأَصْبَحُوا فِي دَارِهِمْ جَاثِمِينَ ﴿٩١﴾
الَّذِينَ كَذَّبُوا شُعَيْبًا كَأَن لَّمْ يَغْنَوْا فِيهَا ۚ الَّذِينَ كَذَّبُوا شُعَيْبًا
كَانُوا هُمُ الْخَاسِرِينَ ﴿٩٢﴾ فَتَوَلَّىٰ عَنْهُمْ وَقَالَ يَا قَوْمِ لَقَدْ
أَبْلَغْتُكُمْ رِسَالَاتِ رَبِّي وَنَصَحْتُ لَكُمْ ۖ فَكَيْفَ آسَىٰ
عَلَىٰ قَوْمٍ كَافِرِينَ ﴿٩٣﴾ وَمَا أَرْسَلْنَا فِي قَرْيَةٍ مِّن نَّبِيٍّ إِلَّا
أَخَذْنَا أَهْلَهَا بِالْبَأْسَاءِ وَالضَّرَّاءِ لَعَلَّهُمْ يَضَّرَّعُونَ ﴿٩٤﴾ ثُمَّ
بَدَّلْنَا مَكَانَ السَّيِّئَةِ الْحَسَنَةَ حَتَّىٰ عَفَوا وَّقَالُوا قَدْ مَسَّ
آبَاءَنَا الضَّرَّاءُ وَالسَّرَّاءُ فَأَخَذْنَاهُم بَغْتَةً وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ ﴿٩٥﴾

88. Sinabi ng mga pinuno at mga matataas mula sa sambayanan ni Shu`ayb (عليه السلام) na mga nagmataas, upang tanggihan ang paniniwala sa Allâh at pagsunod sa Kanyang Sugo na si Shu`ayb: "*Walang pag-aalilangan*, *itataboy ka namin*, *O Shu`ayb at ang mga kasama mo na naniwala mula sa ating bayan*, *maliban na lamang kung sasama kayo sa aming relihiyon.*" Sinabi ni Shu`ayb bilang pagtanggi at pagkamangha sa kanilang sinabi: "*Susunod ba kami sa inyong relihiyon na kamalian kahit kami ay napipilitan lamang dahil sa alam naming ito ay mali?*"

89. At sinabi pa ni Shu`ayb (عليه السلام) sa kanyang sambayanan: "*Kung gayon*, *walang pag-aalinlangan*, *ay nag-imbento kami ng kasinungalingan laban sa Allâh kung kami ay bumalik sa inyong relihiyon pagkatapos kaming iligtas ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *mula rito. At hindi kami maaaring lumipat sa ibang relihiyon bukod sa* '*Deen*' *o* (*Relihiyon*) *ng aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *maliban na lamang kung ito ay nanaisin ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*. *At katiyakan*, *saklaw ng kaalaman ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *ang lahat ng bagay*, *na kung kaya*, *alam Niya kung ano ang makabubuti sa Kanyang mga alipin*, *samakatuwid*, *sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *lamang namin inilalalagay ang aming pagtitiwala na Siya ay Bukod-Tangi sa Kanyang gabay at tulong. O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Hukuman mo kami* (*na mga naniwala*) *at sila* (*na mga hindi naniwala*) *nang makatarungan*, *dahil Ikaw ang* '***Khayrul Fâtiheen***' *– ang Pinakamagaling sa mga nagbibigay ng paghahatol.*"

90. At sinabi sa kanila ng mga pinuno at mga matataas na mga tumatanggi sa paanyaya sa Kaisahan ng Allâh (سبحانه وتعالى) bilang pagpupumilit sa paglabag at pagtanggi at bilang pagbabala na huwag sumunod kay Shu`ayb: "*Kapag sinunod ninyo si Shu`ayb ay walang pag-aalinlangang mapapabilang kayo sa mga mapapahamak*."

91. Na kung kaya, pinuksa sila sa pamamagitan ng kasindak-sindak na lindol, kaya sila ay nangamatay na nakahandusay sa kanilang mga tahanan.

92. Yaong mga tumanggi kay Shu`ayb (عليه السلام) ay para bagang hindi sila nanatili sa kanilang tahanan at parang hindi man lamang sila nakapagsaya noon dahil sila ay pinuksa na walang anumang nalabing bakas sa kanila, at dumating sa kanila ang pagkatalo at pagkawasak dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

93. Na kung kaya, pinabayaan na sila ni Shu`ayb (عليه السلام) noong nakatiyak siya na darating ang kaparusahan sa kanila at kanyang sinabi: "*O aking sambayanan! Katiyakang naiparating ko sa inyo ang mga mensahe ng aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *at pinagpayuhan ko kayo na pumasok sa* '*Deen*' (*o Relihiyon*) *ng Allâh at umalis sa kung ano ang relihiyon na kinaroroonan ninyo*, *subali't hindi kayo nakinig at hindi kayo sumunod*, *na kung kaya*, *paano pa ako malulungkot at maaawa sa mga tao na nilabag nila ang Kaisahan ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *at tinanggihan nila ang mga Sugo?*"

94. At walang sinumang Propeta na Aming ipinadala sa bawa't sambayanan upang sila ay hikayatin sa pagsamba sa Allâh (سبحانه وتعالى) at pagbawalan sa anumang pagsamba na kanilang ginagawa bilang pagtatambal sa Allâh at pagkatapos Siya ay kanilang tinanggihan, kundi susubukin Namin sila na dumanas ng matinding sakuna, mga sakit sa kanilang mga katawan, mga kalamidad, at mga paghihirap bilang kawalan ng kayamanan, nang sa gayon ay maliitin nila ang kanilang mga sarili at magbalik-loob sila sa Allâh nang nagsisisi at magbalik sa katotohanan.

95. Pagkatapos, noong pinalitan Namin ng magandang kalagayan ang kanilang kahirapan, at nagkaroon sila ng kalusugan sa kanilang pangangatawan, at kaluwagan sa kanilang pamumuhay bilang pagpapaluwag sa kanila upang sila ay magpasalamat, subali't walang pagbabagong nangyari sa kanila sa lahat ng ito, dahil hindi pa rin ito naging aral sa kanila at hindi pa rin sila tumigil sa kanilang maling pinaggagawa, at kanilang sinabi "*Ganito na ang takbo ng panahon*, *minsan ay mabuting panahon at minsan naman ay hindi*, *kaya ganoon ang nangyari sa aming mga ninuno noon*," na kung kaya, pinarusahan Namin sila nang biglaan habang sila ay namumuhay nang nasa kahibangan, at hindi man lamang nila naisip na ito'y mangyayari sa kanila.


وَلَوْ أَنَّ أَهْلَ ٱلْقُرَىٰٓ ءَامَنُوا۟ وَٱتَّقَوْا۟ لَفَتَحْنَا عَلَيْهِم بَرَكَٰتٍ
مِّنَ ٱلسَّمَآءِ وَٱلْأَرْضِ وَلَٰكِن كَذَّبُوا۟ فَأَخَذْنَٰهُم بِمَا كَانُوا۟
يَكْسِبُونَ ﴿٩٦﴾ أَفَأَمِنَ أَهْلُ ٱلْقُرَىٰٓ أَن يَأْتِيَهُم بَأْسُنَا بَيَٰتًا
وَهُمْ نَآئِمُونَ ﴿٩٧﴾ أَوَأَمِنَ أَهْلُ ٱلْقُرَىٰٓ أَن يَأْتِيَهُم بَأْسُنَا
ضُحًى وَهُمْ يَلْعَبُونَ ﴿٩٨﴾ أَفَأَمِنُوا۟ مَكْرَ ٱللَّهِ فَلَا يَأْمَنُ
مَكْرَ ٱللَّهِ إِلَّا ٱلْقَوْمُ ٱلْخَٰسِرُونَ ﴿٩٩﴾ أَوَلَمْ يَهْدِ لِلَّذِينَ
يَرِثُونَ ٱلْأَرْضَ مِنۢ بَعْدِ أَهْلِهَآ أَن لَّوْ نَشَآءُ أَصَبْنَٰهُم
بِذُنُوبِهِمْ ۚ وَنَطْبَعُ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ فَهُمْ لَا يَسْمَعُونَ ﴿١٠٠﴾
تِلْكَ ٱلْقُرَىٰ نَقُصُّ عَلَيْكَ مِنْ أَنۢبَآئِهَا ۚ وَلَقَدْ جَآءَتْهُمْ رُسُلُهُم
بِٱلْبَيِّنَٰتِ فَمَا كَانُوا۟ لِيُؤْمِنُوا۟ بِمَا كَذَّبُوا۟ مِن قَبْلُ ۚ
كَذَٰلِكَ يَطْبَعُ ٱللَّهُ عَلَىٰ قُلُوبِ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿١٠١﴾ وَمَا وَجَدْنَا
لِأَكْثَرِهِم مِّنْ عَهْدٍ ۖ وَإِن وَجَدْنَآ أَكْثَرَهُمْ لَفَٰسِقِينَ
﴿١٠٢﴾ ثُمَّ بَعَثْنَا مِنۢ بَعْدِهِم مُّوسَىٰ بِـَٔايَٰتِنَآ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ وَمَلَإِيْهِۦ
فَظَلَمُوا۟ بِهَا ۖ فَٱنظُرْ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿١٠٣﴾
وَقَالَ مُوسَىٰ يَٰفِرْعَوْنُ إِنِّى رَسُولٌ مِّن رَّبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٠٤﴾

96. At kung ang lahat ng mga tao sa bawa't bayan ay naniwala, pinaniwalaan nila ang mga Sugo na ipinadala sa kanila at nagkaraoon sila ng '*Taqwâ*' – sinunod nila ang ipinag-utos at iniwasan ang anumang ipinagbawal ng Allâh sa kanila, walang pag-aalinlangang bubuksan Namin sa kanila ang mga pintuan ng mga biyaya mula sa kalangitan at kalupaan, subali't pinasinungalingan nila (ang mga Sugo). Na kung kaya, pinarusahan Namin sila nang masidhing kaparusahan dahil sa kanilang pagtanggi at paglabag.

97. Iniisip ba ng mga tao sa bawa't bayan na sila ay ligtas mula sa pagdating ng kaparusahan ng Allâh (ﷻ) sa gabi habang sila ay natutulog?

98. O nakatitiyak ba ang mga tao sa bawa't sandali na sila'y ligtas sa pagdating ng kaparusahan ng Allâh (ﷻ) sa umaga habang sila ay walang kamalay-malay na abalang-abala sa makamundong buhay?

Paliwanag: Itinangi ng Allâh (ﷻ) ang pagbanggit sa dalawang panahong ito: dahil sa lalong matindi ang kawalang-malay ng tao sa dalawang pagkataong ito, kaya kapag dumating ang parusa sa ganitong mga pagkakataon ay nagiging lalong matindi.

99. Nakatitiyak ba ang mga taong hindi naniwala sa bawa't bayan na sila ay ligtas sa Panukala (Plano) ng Allâh (ﷻ); na niluluwagan sila ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagkakaloob sa kanila ng makamundong buhay bilang parusang pinaplano sa kanila? Subali't walang sinuman ang nakararamdam na ligtas sila sa gayong kalagayan mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) maliban doon sa mga taong talunan.

100. Hindi ba napatunayan ng mga taong humalili rito sa kalupaan pagkatapos wasakin ang mga naunang mga tao sa kanila dahil sa kanilang mga kasalanan, na kung kaya, ginawa pa rin nila kung ano ang ginawa ng nauna sa kanila, na kung nanaisin Namin ay paparusahan Namin sila dahil sa kanilang mga kasalanan, na

katulad ng ginawa Namin sa mga nauna sa kanila, at isasara Namin ang kanilang mga puso kaya ito ay hindi na tatanggap ng katotohanan at hindi na makikinig sa mga payo at paalaala?

101. Yaong mga bayan na nabanggit ay sambayanan nina Nûh, Hûd, Sâleh, Lût at Shu`ayb, na ikinukuwento Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang mga pangyayari sa kanila, at kung ano ang nangyari sa mga Sugo ng Allâh na ipinadala sa kanila, upang ito ay maging aral sa mga nakaiintindi at babala sa mga '*dzâlimin*' – (mga masasama at tumanggi). At katiyakan, dumating sa mga tao sa mga bayang yaon ang Aming Sugo na dala-dala nila ang mga malilinaw na mga palatandaan na nagpapatunay sa kanila, subali't hindi sila naniwala sa anumang dala-dala ng mga Sugo; dahil sa kanilang matinding paglabag at pagtanggi sa katotohanan, na kung kaya, kung paano isinara ng Allâh (ﷻ) ang mga puso nila na mga hindi naniwala ay ganoon ding isasara ng Allâh (ﷻ) ang mga puso ng mga hindi naniwala kay Propeta Muhammad (ﷺ).

102. At wala Kaming nakita sa karamihan sa mga naunang mga tao na yaon, na pagiging tapat at pagtupad sa kasunduan, at wala Kaming nakita sa karamihan sa kanila kundi naghimagsik at lumabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang kautusan.

103. Pagkatapos ng mga Sugong yaon ay ipinadala Namin si Mousã (عليه السلام) na anak ni `Imrân na kasama ang mga malilinaw na Himala tungo kay Fir`âwn (Pharaon) at sa kanyang sambayanan, subali't tinanggihan nila at hindi sila naniwala bilang sukdulang kasamaan at matinding pagtanggi, na kung kaya, pagmasdan mo, O Muhammad, kung ano ang ginawa Namin sa kanila, kung paano sila nalunod hanggang sa kahuli-hulihan sa kanila sa harapan ni Mousã at ng kanyang mga tagasunod? At ganoon ang katapusan ng mga naghimagsik.

104. At sinabi ni Mousã (عليه السلام) kay Fir`âwn, sa kanyang pakikipag-usap sa paghatid ng mensahe: "*Katiyakan*, *ako ay Sugo na mula sa Allâh* (ﷻ), *na Siyang Lumikha ng lahat ng mga nilikha*, *Nangangasiwa sa kanila sa lahat ng kanilang mga pangangailangan at sa kanilang patutunguhan*."

105. "*Kaya nararapat lamang na ako'y hindi magsalita ng anumang hinggil sa Allâh* (ﷻ) *kundi pawang katotohanan lamang*, *at nararapat lamang na ito ay aking panindigan. Katiyakang dala-dala ko sa inyo ang palatandaan at malinaw na katibayan mula sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na nagpapatunay sa anumang sinasabi ko sa inyo*, *na kung kaya*, *palayain mo*, *O Fir`âwn*, *na kasama ko*, *ang mga angkan ni Isrâ`îl mula sa iyong pang-aalipin at palayain mo sila upang masamba lamang nila ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi.*"

106. Sinabi ni Fir`âwn kay Mousã (عليه السلام): "*Kung ikaw ay may katibayan*, *na katulad ng inaangkin mo ay ipakita mo*, *at iharap mo sa akin upang mapatunayan ang inyong inaangkin*, *kung ikaw ay totoo na Sugo ng* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha*."

107. Na kung kaya, binitiwan ni Mousã (عليه السلام) ang kanyang tungkod, na ito ay naging dambuhalang ahas na kitang-kita mismo ng kanilang mga mata.

108. At hinugot ni Mousã (عليه السلام) ang kanyang kamay mula sa kanyang kili-kili na ito ay maputing-maputi samantalang ito ay hindi sakit na katulad ng ketong bilang katibayan para kay Fir`âwn, at kapag ito ay kanyang isinukbit (ipinasok muli sa loob ng kanyang kasuotan) ay bumabalik ito sa tunay nitong kaanyuan na katulad ng kulay ng kanyang katawan.

109. Sinabi ng mga matataas mula sa sambayanan ni Fir`âwn: "*Katiyakan*, *si Mousã ay salamangkero at nililinlang niya ang mga mata ng tao*, *hanggang sa isipin nila na ang tungkod ay ahas at ang bagay ay nababago niya mula sa tunay nitong anyo*, *na siya ay may malawak at magaling ang kanyang kaalaman sa salamangka.*"

110. "*Nais niya na alisin kayong lahat mula sa inyong bayan*," sinabi ni Fir`âwn: "*Kung gayon*, *ano ang maipapayo ninyo sa akin*, *O kayong mga tao*, *hinggil kay Mousã?*"

111. Sinabi ng sinumang nakadalo sa pakikipagtunggali ni Mousã mula sa mga pinuno ng mga tauhan ni Fir`âwn at ang kanilang mga matataas: "*Panatilihin mo muna si Mousã* (عليه السلام) *at si Hâroun* (عليه السلام), *at mag-utos ka sa bawa't lunsod ng mga kawal* (*sundalo*), *upang tipunin ang mga tao*.

112. "*At dadalhin nila sa iyo ang bawa't salamangkero na may malawak na kaalaman sa salamangka*."

113. At dumating ang mga salamangkero kay Fir`âwn at kanilang sinabi: "*Katiyakan*, *kung gayon*, *ay mayroon ba kaming magandang gantimpala bilang kabayaran kung matatalo namin si Mousã?*"

114. Sinabi ni Fir`âwn: "*Oo*, *mayroon kayong gantimpala at kayo ay magiging malapit sa akin kung matatalo ninyo siya.*"

115. Sinabi ng mga salamangkero ni Fir`âwn kay Mousã, bilang pagmamataas at walang pasubali: "*O Mousã! Pumili ka*, *ikaw ang unang magbitiw ng iyong tungkod o di kaya ay kami ang unang magbitiw ng aming mga salamangka.*"

116. Sinabi ni Mousã (عليه السلام) sa mga salamangkero: "*Kayo muna ang unang maghagis ng inyong mga salamangka.*" Na kung kaya, noong inihagis nila ang kanilang mga lubid at mga tungkod ay nalinlang nila ang mga mata ng mga tao, kaya naisip ng mga tao na ang nakikita ng kanilang mga mata ay katotohanan, subali't wala silang ginawa kundi panlilinlang lamang, at tinakot nila nang matinding pananakot ang mga tao, at nagdala sila ng matitindi at maraming salamangka.

117. At ipinahayag ng Allâh (سبحانه وتعالى) sa Kanyang alipin at Sugo na si Mousã (عليه السلام) roon sa dakilang pangyayaring yaon na kung saan inihiwalay ng Allâh (سبحانه وتعالى) ang tama sa kamalian na inutusan siya na ihagis ang kanyang hawak-hawak na tungkod na nasa kanyang kanang kamay, na kung kaya, ito ay kanyang inihagis at kaagad nitong nilamon ang anuman na kanilang mga pinaghahagis, na nilinlang nila ang mga tao na ito ay totoo samantalang hindi naman.

118. Na kung kaya, lumitaw ang katotohanan at naging malinaw sa sinumang naging testigo at dumalo roon sa pangyayari kay Mousã (عليه السلام), at katiyakang siya ay Sugo ng Allâh na nag-aanyaya tungo sa katotohanan, at nawalan ng saysay ang kanilang mga kasinungalingan na pinaggagawa.

119. Na kung kaya, natalo ang lahat ng mga salamangkero roon sa lugar na kanilang pinagtipunan, at umalis si Fir`âwn at ang kanyang tagasunod na mga talunan at abang-aba.

120. At nagpatirapa ang mga salamangkero sa pamamagitan ng kanilang mga mukha bilang pagsuko sa Allâh (سبحانه وتعالى) na '*Rabb*' ng lahat ng mga nilikha, dahil kanilang napatunayan na Dakila ang Kapangyarihan ng Allâh (سبحانه وتعالى).



121. At kanilang sinabi: "*Naniwala na kami sa Allâh na* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha.*"

122. Na siyang '*Rabb*' nina Mousã (عليه السلام) at Hâroun (عليه السلام), at Siya ay Bukod-Tangi at Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin at wala nang iba pa.

123. Sinabi ni Fir`âwn sa mga salamangkero: "*Pinaniwalaan ba ninyo ang Allâh bago ko kayo pinahintulutang maniwala sa Kanya? Katiyakan*, *ang inyong paniniwala sa Allâh at paniniwala kay Mousã at pagtanggap sa kanyang pagiging Propeta ay isang pakana na binalak ninyo*, *kayo at saka si Mousã*; *upang paalisin ninyo ang mga nanirahan sa inyong bayan tungo sa disyerto para kayo ang makinabang sa mga kabuhayan sa bayang ito*, *na kung kaya*, *katiyakan na mababatid ninyo*, *O kayong mga salamangkero*, *ang anumang mangyayaring kaparusahan sa inyo.*

124. "*Walang pag-aalinlangan*, *puputulin ko ang magkabila ninyong mga kamay at mga paa – na puputulin ang kamay na kanan at kaliwang paa o di kaya ay ang kabaligtaran nito – pagkatapos ay ibibitin ko kayong lahat sa mga puno ng palmera bilang parusa sa inyo at pananakot sa mga tao*."

125. Sinabi ng mga salamangkero ni Fir`âwn: "*Walang pag-aalinlangan*, *nakatitiyak kami na magbalik-loob sa Allâh* (ﷻ), *at ang Kanyang parusa ay mas matindi kaysa sa iyong parusa*, *na kung kaya*, *walang pag-aalinlangan*, *titiisin namin ang iyong parusa upang kami ay makaligtas sa parusa ng Allâh* (ﷻ) *sa Araw ng Muling Pagkabuhay*.

126. "*At wala kang karapatan na paghigantihan kami*, *O Fir`âwn, dahil lamang sa kami ay naniwala at tinanggap namin ang mga katibayan ng aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na siyang dala ni Mousã*, *noong ito ay dumating sa amin*, *samantalang ikaw ay hindi mo kayang tapatan*, *at kahit na sinuman bukod sa Allâh*, *na Siyang Nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan! O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Pagkalooban Mo kami ng matinding pagtitiis at pagiging*

matatag dito, *at gawin Mo kami na mamatay bilang mga Muslim – na sumusunod o nagpapasailalim sa Iyong kagustuhan at sumusunod sa Iyong Sugo*."

127. At sinabi ng mga pinuno at matataas na mga tauhan ni Fir`âwn kay Fir`âwn: "*Pababayaan mo ba si Mousã at ang kanyang mga tagasunod mula sa angkan ni Isrâ`îl upang maipahamak ang mga tao rito sa bayan ng Ehipto dahil sa pagbabago ng kanilang relihiyon*, *upang masamba lamang nila ang Allâh nang bukod-tangi na walang katambal*, *at itigil ang pagsamba sa iyo at pagsamba sa iyong mga diyus-diyusan?*" Sinabi ni Fir`âwn: "*Walang pag-aalinlangan*, *papatayin namin ang mga anak na kalalakihan ng mga angkan ni Isrâ`îl*, *at pananatilihin naming buhay ang kanilang mga kababaihan upang manilbihan*, *at walang pag-aalinlangan*, *kami ay mangingibabaw sa kanila sa pamamagitan ng aming mahigpit na kapangyarihan*."

128. Sinabi ni Mousã sa kanyang mga tagasunod mula sa angkan ni Isrâ`îl: "*Humingi kayo ng tulong sa Allâh* (ﷻ) *laban kay Fir`âwn at sa kanyang mga tagasunod*, *at tiisin ninyo ang parusa na ginagawa ni Fir`âwn sa inyo at sa inyong mga anak*. *Dahil katiyakan*, *ang buong kalupaan ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh* (ﷻ) *na Kanyang ipinagkakatiwala sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin*. *Subali't ang pinakamagandang huling hantungan ay para lamang sa sinumang natatakot sa Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ipinag-utos at pag-iwas sa mga ipinagbawal*."

129. Sinabi ng mga tagasunod ni Mousã (عليه السلام) na mga angkan ni Isrâ`îl sa kanilang Propeta na si Mousã: "*Sinubok na kami at pinarusahan sa pamamagitan ng pagpatay sa aming mga anak na kalalakihan at pagpapanatili sa aming mga kababaihan sa pamamagitan ni Fir`âwn at ng kanyang mga tagasunod noong bago ka pa dumating sa amin at ngayon pagdating mo sa amin*." Sinabi ni Mousã sa kanila: "*Maaari na ang inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay pupuksain Niya ang inyong kalaban na si Fir`âwn at ang kanyang mga tagasunod*, *at kayo ang hahalili sa kanila na mangangasiwa sa kalupaan pagkawasak nila*, *upang sa pamamagitan nito ay palitawin ng Allâh* (ﷻ) *kung ano ang inyong gagawin at kung kayo ba ay tatanaw ng utang na loob sa Kanya o lalabag?*"

130. At katiyakan, sinubok Namin si Fir`âwn at ang kanyang mga tagasunod ng maraming tagtuyot at kakulangan sa mga bunga at mga pananim; upang sila ay makaalaala, at upang sila ay magising sa kanilang pagkaligaw at upang pagsisihan nila ang kanilang mga ginawa.

131. At kapag may dumating na kabutihan sa kanila at biyaya, kanilang sasabihin: "*Ito ay karapat-dapat na para sa amin*," at kapag sila naman ay sinalanta ng tagtuyot at taggutom ay kanilang sinasabing ito ay dahil kay Mousã (عليه السلام) at sa kanyang tagasunod.

Dapat ninyong mabatid! Walang pag-aalinlangan na ang anumang pangyayari na katulad ng tagtuyot ay mula sa itinakda ng Allâh (سبحانه وتعالى), at dahil sa kanilang kasalanan at pagtanggi subali't karamihan sa mga tagasunod ni Fir`âwn ay hindi nila ito batid, dahil sa kanilang matinding pagkalulong sa kamang-mangan at pagkaligaw.

132. At sinabi ng mga tagasunod ni Fir`âwn kay Mousã (عليه السلام): "*Anuman ang mga tanda na dala-dala mo sa amin, bilang katibayan at palatandaan na ipinamalas mo sa amin upang alisin mo kami sa aming kinatatayuan na relihiyon ni Fir`âwn ay hindi mo kami mapapaniwala sa iyo.*"

133. Na kung kaya, ipinadala Namin sa kanila ang baha na nilunod ang kanilang mga pananim at ang kanilang mga halaman; at gayundin ang mga tipaklong na kinakain ang kanilang mga pananim, halaman at mga bunga, ang kanilang pintuan, mga bubungan at mga damit; nagpadala rin Kami ng mga kulisap na sinisira ang mga bunga ng kanilang mga pananim at pinapatay ang kanilang mga hayop at mga halaman; nagpadala rin Kami ng mga palaka na pinupuno ang kanilang mga lalagyan, mga pagkain at mga tulugan; at ganoon din nagpadala rin Kami ng mga dugo na ang kanilang mga ilog at balon ay nagiging dugo na kung kaya wala na silang tubig na maaaring inumin.

Kaya ito ay mga palatandaan na mula sa mga palatandaan ng Allâh (سبحانه وتعالى) na walang sinuman ang makagagawa nito kundi Siya lamang. At ito ay magkakasunod na mga palatandaan, subali't magkagayunpaman ay nagmataas pa rin ang mga tagasunod ni Fir`âwn at tumanggi na maniwala sa Allâh (سبحانه وتعالى), kaya sila ang mga tao na sukdulan ang kasamaan at paghihimagsik

134. At noong naganap ang kaparusahan kay Fir`âwn at sa kanyang mga tagasunod ay agad-agad silang nagtungo kay Mousã (عليه السلام) at sinabi: "*O Mousã*,

idalangin mo sa Allâh na iyong ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha para sa amin ayon sa ipinahayag sa iyo na hindi paparusahan ang sinumang nagsisi*, *dahil kapag nawala ang kaparusahang ito sa amin*, *ay katiyakan na maniniwala kami sa dala-dala mong mensahe at susunod kami sa iyong paanyaya*, *at palalayain namin kasama sa iyo ang mga angkan ni Isrâ`îl*, *na kung kaya*, *hindi na namin sila pagbabawalang magtungo kung saan nila nais.*”

135. Subali’t noong inalis Namin sa kanila ang parusa batay sa itinakdang panahon, na walang pag-aalinlangang ito ay umabot ayon sa pagkakatakdang yaon, gayon pa man ay hindi pa rin naging kapaki-pakinabang sa kanila ang ibinigay sa kanilang palugit at pag-alis sa kanila ng parusa, dahil sinira pa rin nila ang kanilang mga pangako na ipinangako nila sa kanilang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha at kay Mousã (عليه السلام), at nanatili pa rin sila sa kanilang paglabag at pagkaligaw.

136. Na kung kaya, ginantihan Namin sila at pinarusahan noong dumating ang nakatakdang pagpuksa sa kanila, kaya nangyari ang sumpa sa kanila, na ito ay pagkalunod nila sa karagatan; dahil sa kanilang pagtanggi sa mga himala ni Mousã (عليه السلام), at ito ay kanilang binalewala sa pamamagitan ng pagpapasinungaling (sa mga himalang) ito.

137. At ipinamana Namin sa mga angkan ni Isrâ`îl na kung saan sila’y inaapi sa pamamagitan ng pang-aalipin sa kanila, ang silangan at kanlurang bahagi na kalupaan, na ang tinutukoy dito ay yaong lugar ng ‘*Sham*,’ na ito ay Aming biniyayaan sa pagsibol ng mga pananim at mga bunga, pagdaloy ng mga ilog, at natupad ang mabuting pangako ng iyong ‘*Rabb*,’ O Muhammad (ﷺ), sa mga angkan ni Isrâ`îl sa pamamagitan ng pangingibabaw nila sa kalupaan dahil sa kanilang pagtitiis sa mga pang-aapi ni Fir`âwn at ng kanyang mga tagasunod, at winasak Namin ang mga nagawa ni Fir`âwn at ng kanyang mga tauhan, na mga gusali at mga pananim, at ang anuman na kanilang naitayo na mga palasyo at iba pa.


وَجَٰوَزْنَا بِبَنِيٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ٱلْبَحْرَ فَأَتَوْا۟ عَلَىٰ قَوْمٍ يَعْكُفُونَ عَلَىٰٓ
أَصْنَامٍ لَّهُمْ ۚ قَالُوا۟ يَٰمُوسَى ٱجْعَل لَّنَآ إِلَٰهًا كَمَا لَهُمْ ءَالِهَةٌ ۚ
قَالَ إِنَّكُمْ قَوْمٌ تَجْهَلُونَ ﴿١٣٨﴾ إِنَّ هَٰٓؤُلَآءِ مُتَبَّرٌ مَّا هُمْ فِيهِ وَبَٰطِلٌ
مَّا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٣٩﴾ قَالَ أَغَيْرَ ٱللَّهِ أَبْغِيكُمْ إِلَٰهًا
وَهُوَ فَضَّلَكُمْ عَلَى ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٤٠﴾ وَإِذْ أَنجَيْنَٰكُم
مِّنْ ءَالِ فِرْعَوْنَ يَسُومُونَكُمْ سُوٓءَ ٱلْعَذَابِ ۖ يُقَتِّلُونَ
أَبْنَآءَكُمْ وَيَسْتَحْيُونَ نِسَآءَكُمْ ۚ وَفِى ذَٰلِكُم بَلَآءٌ مِّن
رَّبِّكُمْ عَظِيمٌ ﴿١٤١﴾ ۞ وَوَٰعَدْنَا مُوسَىٰ ثَلَٰثِينَ لَيْلَةً
وَأَتْمَمْنَٰهَا بِعَشْرٍ فَتَمَّ مِيقَٰتُ رَبِّهِۦٓ أَرْبَعِينَ لَيْلَةً ۚ وَقَالَ
مُوسَىٰ لِأَخِيهِ هَٰرُونَ ٱخْلُفْنِى فِى قَوْمِى وَأَصْلِحْ وَلَا تَتَّبِعْ
سَبِيلَ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿١٤٢﴾ وَلَمَّا جَآءَ مُوسَىٰ لِمِيقَٰتِنَا وَكَلَّمَهُۥ
رَبُّهُۥ ۚ قَالَ رَبِّ أَرِنِىٓ أَنظُرْ إِلَيْكَ ۚ قَالَ لَن تَرَىٰنِى وَلَٰكِنِ ٱنظُرْ
إِلَى ٱلْجَبَلِ فَإِنِ ٱسْتَقَرَّ مَكَانَهُۥ فَسَوْفَ تَرَىٰنِى ۚ فَلَمَّا تَجَلَّىٰ
رَبُّهُۥ لِلْجَبَلِ جَعَلَهُۥ دَكًّا وَخَرَّ مُوسَىٰ صَعِقًا ۚ فَلَمَّآ أَفَاقَ
قَالَ سُبْحَٰنَكَ تُبْتُ إِلَيْكَ وَأَنَا۠ أَوَّلُ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٤٣﴾

138. At dinala Namin ang mga angkan ni Isrâ`îl na ligtas na nakatawid sa karagatan, at napadaan sila sa mga tao na patuloy na isinasagawa ang pagsamba sa kanilang mga rebulto, kaya sinabi ng mga angkan ni Isrâ`îl: "*Igawa mo kami, O Mousã, ng rebulto na sasambahin namin na katulad ng mga rebulto na kanilang sinasamba*." Sinabi ni Mousã (عليه السلام) sa kanila: "*Katiyakan, kayo ay mga tao na hindi nakaiintindi sa Kadakilaan ng Allâh* (ﷻ), *at hindi ninyo alam na ang tunay na pagsamba ay hindi maaari para kaninuman kundi para lamang sa Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi na Ganap na Makapangyarihan*."

139. (Idinagdag ni Mousã عليه السلام): "*Katiyakan*, *sila na mga iniuukol ang pagsamba sa kanilang mga rebulto ay mawawasak ang kanilang ginawang pagsamba bilang* '*Shirk*' *at ang kanilang mga sinasambang mga rebulto ay mawawalan ng saysay*, *na hindi sila ililigtas sa kaparusahan ng Allâh kapag ito ay naganap sa kanila.*"

140. Sinabi ni Mousã (عليه السلام) sa kanyang sambayanan: "*Maghahangad pa ba ako para sa inyo ng ibang sasambahin bukod sa Allâh* (ﷻ), *samantalang ang Allâh* (ﷻ) *ang Siyang Lumikha sa inyo*, *at itinangi Niya kayo sa ibang sangkatauhan sa inyong kapanahunan sa rami ng mga Propeta na ipinadala sa inyo*, *at sa pagkawasak ng inyong kalaban*, *at iba pang mga palatandaan at mga himala na para lamang sa inyo?*."

141. At alalahanin ninyo, O kayong mga angkan ni Isrâ`îl, ang Aming mga biyaya sa inyo at kagandahang-loob, noong iniligtas Namin kayo mula sa paglupig ni Fir`âwn at ng kanyang pamilya (mga tagasunod), at mula sa paghamak at pang-aapi na ginagawa sa inyo, na pinapatay ang inyong mga anak na kalalakihan at pinananatili ang inyong mga anak na kababaihan upang manilbihan, at sa pag-ahon sa inyo mula sa matindi at malupit na pagpaparusa, na pagkatapos ay iniligtas kayo mula rito, at ang mga ito ay isang pagsubok na mula sa Allâh (ﷻ) para sa inyo at dakilang biyaya.

142. At Aming itinalaga kay Mousã na siya ay makipag-usap sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha nang tatlumpung gabi at karagdagan pa na sampung gabi, at natupad ang itinalaga ng Allâh (ﷻ) kay Mousã (عليه السلام) na kanyang pakikipag-usap nang apatnapung gabi. At sinabi ni Mousã (عليه السلام) sa kanyang kapatid na si Hâroun (عليه السلام), noong nais na niyang gawin ang pakikipag-usap: "*Halinhinan mo ako sa pangangasiwa sa aking sambayanan hanggang sa ako ay makabalik*, *at dalhin mo sila sa pagsunod sa Allâh* (ﷻ) *at pagsamba sa Kanya nang bukod-tangi*, *at huwag ninyong sundin ang daan ng mga masasama*, *na nagkakalat ng kasamaan sa kalupaan.*"

143. At nang dumating si Mousã (عليه السلام) sa nakatakdang oras na pagkabuo ng apatnapung gabi at nakipag-usap sa kanya ang Allâh (ﷻ) na '*Rabb*' na Tagapaglikha, ng pakikipag-usap bilang Rebelasyon, at pagbibigay ng utos at pagbabawal, ay naghangad siya na makita niya ang Allâh (ﷻ), na kung kaya, hiniling niya ito sa Kanya, sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanya: "*Hindi mo Ako makikita* (*na ang ibig sabihin ay hindi mo makakayanang makita Ako rito sa daigdig*), *subali't masdan mo ang bundok*, *at kapag nanatili ito sa kinalalagyan nito ay katiyakang makikita mo Ako.*"

Noong nagpakita ang kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa bundok ay pumatag ito sa kalupaan na naging alabok, at nawalan ng malay si Mousã, at noong siya ay nagkamalay (mula sa kanyang pagkahilo) ay sinabi niya: "*Luwalhati sa iyo*, *O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Dakila Ka at malayo Ka sa anumang hindi karapat-dapat sa Iyong Kamaharlikaan*, *katiyakan*, *ako ay humihingi ng kapatawaran sa Iyo*, *sa paghiling ko na Ikaw ay makita ko rito sa daigdig*, *at ako ang kauna-unahan sa mga mananampalataya mula sa aking sambayanan*."

144. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Mousã (عليه السلام): "*Katiyakang pinili kita higit sa ibang sangkatauhan sa Aking mga mensahe tungo sa Aking mga nilikha*, *na kung saan*, *sa kanila kita ay ipinadala*, *at pinili rin kita sa pamamagitan ng tuwirang pakikipag-usap Ko sa iyo nang walang tagapamagitan. Na kung kaya*, *panghawakan mo ang anumang Aking ibinigay sa iyo na utos at pagbabawal*, *at ito ay iyong sundin at isagawa*, *at maging kabilang ka sa mga tumatanaw ng utang na loob sa Aking ipinagkaloob sa iyo na mensahe at sa pagpili Ko sa iyo bilang Aking kausap.*"

145. At isinulat Namin kay Mousã (عليه السلام) sa '*Tawrah*' ang lahat ng kanyang kakailanganin hinggil sa kanyang '*Deen*' (o Relihiyon) na mga panuntunan bilang pagpapayo upang maging maingat at mapagkunan ng mga aral at ganap na mga kapaliwanagan hinggil sa mga '*halal*' (pagpapahintulot), '*haram*' (pagbabawal), pag-uutos, pagbabawal, mga kuwento, kapahayagan, paniniwala at mga '*ghayb*' (mga kapahayagan hinggil sa mga bagay na di-nakikita), na sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanya: "*Hawakan mo ito nang mahigpit*, *na ang ibig sabihin ay ipatupad mo ang* '*Tawrah*' *nang ganap at iutos mo sa mga tao na sundin nila ang anumang ipinag-utos ng Allâh* (ﷻ) (*sa Aklat na*) *ito*; *at kung sinuman ang sumamba ng iba mula sa kanila at sa iba pang mga tao*, *walang pag-aalinlangan*, *ipapakita Ko sa kanila sa Kabilang-Buhay ang tahanan ng mga* '*Fâsiqin*' *– mga masasama*, *naghimagsik – na ito ay Impiyerno na inihanda ng Allâh sa sinumang lumabag sa Kanya at hindi sumunod.*

146. Ilalayo Ko sa pagkakaunawa ng mga palatandaan, mga katibayan, na nagpapatunay sa Aking Kadakilaan; at sa Aking batas at alituntunin, ang mga puso ng mapagmataas sa pagsunod sa Akin, at mapagmataas sa sangkatauhan nang wala silang karapatan, na kung kaya, hindi na sila susunod pa sa kaninumang Propeta at hindi na nila ito pakikinggan dahil sa kanilang pagmamataas, at kahit pa makita ng mga mapagmataas na yaon ang lahat ng palatandaan ay hindi pa rin nila ito paniniwalaan dahil sa kanilang pagtalikod at pagbabalewala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, at kahit na makita pa nila ang

Daan ng Kabutihan ay hindi nila ito susundin, subali't kapag nakita nila ang daan ng pagkaligaw na daan ng paglabag, ito ang kanilang susundin at ituturing na tunay na Relihiyon; dahil sa kanilang pagpapasinungaling sa mga talata ng Allâh at sa pagbabalewala nila nito at sa di nila pagtutuon ng pansin at di pinag-iisipan ang kahulugan nito.

147. At yaong pinasinungalingan ang mga talata ng Allâh at ang Kanyang mga katibayan, at ang pakikipagharap sa Allâh (ﷻ) sa Kabilang-Buhay, ay mawawalan ng saysay ang kanilang mga mabuting gawa; dahil nawala ang pangunahing panuntunan nito; na ito ay paniniwala sa Allâh (ﷻ) at paniniwala sa Kanyang gantimpala, samakatuwid, hindi sila gagantimpalaan sa Kabilang-Buhay kundi ang anuman na karapat-dapat para sa kanilang nagawa rito sa daigdig na pagtanggi at paglabag; na ito ay ang pananatili sa Impiyernong-Apoy.

148. At nagsagawa ang mga tauhan ni Mousã (عليه السلام) ng ibang sinasamba mula sa gawang inanyuang baka na mula sa kanilang pinagsama-samang mga ginto, pagkatapos niyang mapalayo sa kanila sa pagtungo sa kanyang pakikipag-usap sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na ito ay anyo lamang na walang kaluluwa subali't nagbibigay ng tinig. Hindi ba nila alam na ito ay hindi nakikipag-usap, at hindi sila ginagabayan tungo sa kabutihan? Na kung kaya, ginawa nila ang ganitong karumal-dumal na gawain, na ipinapahamak nila ang kanilang mga sarili sa pagsagawa ng bagay na hindi karapat-dapat.

149. At noong nagsisi ang mga yaong sumamba sa inanyuang baka bukod sa Allâh, pagkabalik ni Mousã (عليه السلام) sa kanila at pagkakita nila na sila ay naligaw sa tamang daan at napalayo sila sa '*Deen*' ng Allâh, ay saka lamang nila napagtanto ang bukod-tanging pagsamba sa Allâh (ﷻ) at paghingi ng kapatawaran, na sinabi nila: "*Kung hindi tayo kaaawaan ng ating* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *at tanggapin ang ating pagsisisi*, *at pagtakpan ang ating mga pagkakasala ay magiging kabilang tayo sa mga napahamak at mga talunan*."



150. At noong bumalik si Mousã sa kanyang sambayanan, na mula sa angkan ni Isrâ`îl na may galit at lungkot; dahil sa ipinaalam sa kanya ng Allâh (ﷻ) na ang kanyang sambayanan ay nalinlang at naligaw, at katiyakang, si As-Sâmiri ang nagligaw sa kanila, sinabi ni Mousã (عليه السلام): "*Anong sukdulang kasamaan ang inyong nagawa pagkatapos ko kayong pagkatiwalaan*, *minamadali ba ninyo at pinapangunahan ang hinggil sa bagay na patungkol sa Allâh* (ﷻ), *na ang ibig sabihin ay nagmadali ba kayo na ako ay makarating sa inyo samantalang ito ay itinatakda ng Allâh* (ﷻ)*?*" At itinapon ni Mousã (عليه السلام) ang mga Tableta ng '*Tawrah*' dahil sa kanyang galit sa kanyang sambayanan na sumamba sa inanyuang baka at sa kanyang kapatid na si Hâroun (عليه السلام) at hinawakan niya ito sa ulo at kanyang hinila, at sinabi naman ni Hâroun bilang pagmamakaawa: "*O anak ng aking ina! Katiyakan*, *minaliit ako ng mga tao at itinuring na mahina at muntik na nila akong patayin*, *na kung kaya*, *huwag mong pahintulutan na pagtawanan tayo ng ating mga kalaban dahil sa ginagawa mo sa akin*, *at huwag mo akong idamay sa galit mo sa sambayanan na lumabag sa iyo sa pamamagitan ng pagsamba nila sa bakang inanyuan*."

151. Sinabi ni Mousã (عليه السلام) noong napatunayan niya ang katwiran ng kanyang kapatid at napatunayan din niya na ang kanyang kapatid ay hindi nagkulang sa anumang tungkulin niya sa Allâh (ﷻ): "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Patawarin Mo ako dahil sa aking pagkagalit*, *at patawarin Mo ang aking kapatid sa anumang nangyari sa kanya*, *sa pagitan niya at sa mga angkan ni Isrâ`îl*, *at ipasakop Mo kami sa Iyong malawak na awa*, *dahil katiyakang Ikaw ang Ganap na Maawain sa amin sa lahat ng maawain.*"

152. Katiyakan, ang mga yaong sumamba sa inanyuang baka, walang pag-aalinlangang mangyayari sa kanila ang matinding sumpa mula sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at pagkapahamak dito sa daigdig; dahil sa kanilang pagtanggi sa kanilang '*Rabb*,' at kung anuman ang Aming parusa na ginawa sa kanila ay gagawin din Namin sa mga gumagawa ng kasinungalingan sa pamamagitan ng

pag-iimbento ng anumang patungkol sa '*Deen*' ng Allâh, na kung kaya, mapapahamak ang sinumang gagawa nito.

153. At yaong mga gumawa ng kasamaan bilang pagtanggi sa Allâh (ﷻ) at gumawa ng mga kasalanan, pagkatapos sila ay nagbalik-loob sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagsagawa ng kabutihan, katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha pagkatapos ng makatotohanang pagsisisi, ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa anuman na kanilang nagawa at hindi sila ipapahiya, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila at sa lahat ng katulad nila na mga nagsisisi.

154. At noong humupa na ang galit ni Mousã (عليه السلام), ay kinuha niya ang mga Tableta na kanyang itinapon sa lupa, na nakapaloob doon ang mga kapaliwanagan sa katotohanan at awa sa mga yaong natatakot sa Allâh at sa Kanyang kaparusahan.

155. At pumili si Mousã (عليه السلام) ng pitumpumg kalalakihan (na pinakamagaling) mula sa kanyang sambayanan, at sila ay inilabas niya patungo sa bundok ng Tûr sa Sinai para sa itinakdang oras na kanyang ipinangako sa Allâh (ﷻ) na siya ay makikipagtagpo kasama sila upang mapatawad ang anumang ginawa ng mga may kakulangan sa pag-iisip mula sa angkan ni Isrâ`îl na pagsamba sa inanyuang baka, at noong sila ay nakarating na roon sa lugar, kanilang sinabi: "*Hindi kami maniniwala sa iyo*, *O Mousã*, *hangga't hindi namin makikita ang Allâh nang harapan*, *dahil ikaw ay nakipag-usap sa Kanya*, *kaya ipakita mo Siya sa amin*." Na kung kaya, tinamaan sila ng matinding pagyanig kaya namatay silang lahat, sa ganitong kadahilanan ay tumayo si Mousã, na nagsusumamo na nananalangin sa Allâh (ﷻ) at kanyang sinasabi:

"*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ano ang aking sasabihin sa mga angkan ni Isrâ`îl kapag ako ay dumating sa kanila*, *dahil sa pinatay Mo ang mga piling-piling tao mula sa kanila? Kung ninais Mo lamang ay pinatay Mo na silang lahat bago pa dumating sa ganitong pagkakataon na kasama ako*, *dahil katiyakang mas magaan ang gayon sa akin*, *kaya pupuksain Mo ba kami dahil sa ginawa ng mga may kakulangan sa pag-iisip mula sa amin?*

"*Gayunpaman*, *ang anumang kasalanan na nagawa ng aking sambayanan na pagsamba nila sa inanyuang baka ay pagsubok lamang*, *na naliligaw sa pamamagitan nito ang sinuman na Iyong nais mula sa Iyong nilikha at napapatnubayan ang sinumang Iyong nais na mapatnubayan*, *Ikaw ang aming Tagapangalaga na Tagapagtulong sa amin*, *na kung kaya*, *patawarin Mo ang aming mga pagkakasala at ipagkaloob Mo sa amin ang Iyong Awa*, *dahil Ikaw ang Ganap na Mapagpatawad sa anumang kasalanan at Mapagtakip ng anumang mga pagkakamali.*"


وَٱكْتُبْ لَنَا فِى هَٰذِهِ ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِى ٱلْءَاخِرَةِ إِنَّا
هُدْنَآ إِلَيْكَ ۚ قَالَ عَذَابِىٓ أُصِيبُ بِهِۦ مَنْ أَشَآءُ ۖ وَرَحْمَتِى
وَسِعَتْ كُلَّ شَىْءٍ ۚ فَسَأَكْتُبُهَا لِلَّذِينَ يَتَّقُونَ وَيُؤْتُونَ
ٱلزَّكَوٰةَ وَٱلَّذِينَ هُم بِـَٔايَٰتِنَا يُؤْمِنُونَ ﴿١٥٦﴾ ٱلَّذِينَ يَتَّبِعُونَ
ٱلرَّسُولَ ٱلنَّبِىَّ ٱلْأُمِّىَّ ٱلَّذِى يَجِدُونَهُۥ مَكْتُوبًا عِندَهُمْ
فِى ٱلتَّوْرَىٰةِ وَٱلْإِنجِيلِ يَأْمُرُهُم بِٱلْمَعْرُوفِ وَيَنْهَىٰهُمْ
عَنِ ٱلْمُنكَرِ وَيُحِلُّ لَهُمُ ٱلطَّيِّبَٰتِ وَيُحَرِّمُ عَلَيْهِمُ
ٱلْخَبَٰٓئِثَ وَيَضَعُ عَنْهُمْ إِصْرَهُمْ وَٱلْأَغْلَٰلَ ٱلَّتِى كَانَتْ
عَلَيْهِمْ ۚ فَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِهِۦ وَعَزَّرُوهُ وَنَصَرُوهُ وَٱتَّبَعُوا۟
ٱلنُّورَ ٱلَّذِىٓ أُنزِلَ مَعَهُۥٓ ۙ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿١٥٧﴾ قُلْ
يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِنِّى رَسُولُ ٱللَّهِ إِلَيْكُمْ جَمِيعًا ٱلَّذِى
لَهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ يُحْىِۦ وَيُمِيتُ ۖ
فَـَٔامِنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِ ٱلنَّبِىِّ ٱلْأُمِّىِّ ٱلَّذِى يُؤْمِنُ بِٱللَّهِ
وَكَلِمَٰتِهِۦ وَٱتَّبِعُوهُ لَعَلَّكُمْ تَهْتَدُونَ ﴿١٥٨﴾
وَمِن قَوْمِ مُوسَىٰٓ أُمَّةٌ يَهْدُونَ بِٱلْحَقِّ وَبِهِۦ يَعْدِلُونَ ﴿١٥٩﴾

156. "*At gawin Mo kami na kabilang sa sinumang itinala sa kanila ang pagsagawa ng kabutihan dito sa daigdig at gantimpala sa Kabilang-Buhay dahil katiyakang nanumbalik na kami sa Iyo.*" Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Mousã (عليه السلام): "*Ang Aking parusa ay iginagawad Ko sa sinuman na Aking nais sa Aking mga nilikha*, *na katulad ng Aking iginawad sa kanila o sa mga yaong mula sa iyong sambayanan*, *subali't ang Aking habag ay saklaw nito ang lahat ng Aking nilikha*, *na kung kaya*, *itatala Ko ito* (*ang Kanyang Awa*) *sa mga yaong natatakot sa Allâh* (ﷻ), *sa Kanyang kaparusahan*, *at kaya isinagawa nila ang mga kautusan at iniwasan nila ang mga kasalanan*, *at sa mga yaong naniniwala sa mga palatandaan at mga katibayan ng Kaisahan ng Allâh* (ﷻ).

157. Ang Aking Awa na ito ay Aking itatala sa mga yaong may takot [sa Allâh (ﷻ)] at umiwas sa mga kasalanan, at sumunod sa Sugo, ang Propetang hindi marunong bumasa't sumulat at siya ay si Muhammad (ﷺ), na kanilang matatagpuan ang kanyang mga katangian at mga bagay na patungkol sa kanya, na naipahayag sa Aklat ng '*Tawrah*' at '*Injeel*,' – at inuutusan sila ng paniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at pagsunod sa Kanya at sa lahat ng mga nakabubuti, at pinagbabawalan sila ng '*Shirk*,' pagkakasala at lahat ng karumal-dumal na bagay; at ipinahihintulot sa kanila ang lahat ng mga malilinis na mga pagkain, mga inumin at mga mababuting gawain na katulad ng tamang pamamaraan sa pag-aasawa; at ipinagbabawal sa kanila ang lahat ng marurumi na katulad ng laman ng baboy at lahat ng ipinahintulot nila na mga pagkain at inumin na ipinagbabawal naman ng Allâh (ﷻ), at inialis sa kanila ang anumang mahihirap na dating ipinag-utos sa kanila na katulad ng pagputol sa narumihang damit o ng pagsunog sa mga bagay na nakuha sa labanan[44] at pagpatay sa sinumang nakapatay, sinadya man o hindi.

[44]Isinalaysay ni Jâbir Ibn `Abdullâh, na sinabi ng Sugo ng Allâh (ﷺ): "*Ako ay pinagkalooban ng limang bagay na hindi ipinagkaloob kaninuman sa mga nauna kaysa sa akin*: ***Una***, *ginawa ng Allâh na ako ay mapagtagumpay sa pamamagitan ng pagsanhi Niya na masindak* (*ang aking mga kaaway sa labanan*) *sa layo o distansiya na isang buwan na paglalakbay*; ***ikalawa***, *ang kalupaan*

Na kung kaya, sinumang naniwala sa kanya, ang Propetang hindi marunong bumasa't sumulat na ito ay si Propeta Muhammad (ﷺ) at tinanggap ang kanyang pagiging Propeta, na kanilang iginalang, dinakila at tinulungan, at sumunod sila sa Dakilang Qur'ân na ipinahayag para sa kanila, at sumunod sila sa kanyang '*Sunnah*,' sila ang mga yaong magkakamit ng tagumpay na ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin na mga mananampalataya.

158. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga tao, lahat sila: "*Katiyakan*, *ako ay Sugo ng Allâh sa inyong lahat*, *na ito ay para sa lahat-lahat at hindi sa iilan lamang – na Siya*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang Nagmamay-ari ng buong kalangitan at ng kalupaan at ng anumang mga nasa loob nito*. *Walang sinuman ang* '*ilâh*' *o diyos na sinasamba o dapat na pag-ukulan ng bukod-tanging pagsamba kundi Siya lamang*, *Siya lamang ang may karapatan nito at karapat-dapat para rito*, *ang Kapuri-puri at Kataas-taasan*, *na Makapangyarihan sa pagsagawa ng Kanyang nilikha*, *na Siya ang nagbibigay ng buhay at nagsasanhi ng kamatayan at magbubuhay na mag-uli* (*sa lahat*).

"*Na kung kaya*, *maniwala kayo sa Allâh* (ﷻ) *at tanggapin ninyo ang Kanyang Kaisahan sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya nang bukod-tangi at sundin ninyo ang Kanyang Sugo na si Muhammad* (ﷺ), *ang Propetang hindi marunong bumasa't sumulat*, *na siya* (*Muhammad* ﷺ) *ay naniwala sa Allâh* (ﷻ) *at sa anumang ipinahayag Niya sa kanya*, *at sa anumang ipinahayag sa mga Propeta na nauna kaysa sa kanya*, *at sundin ninyo ang Sugong ito at ipatupad ninyo ang pagsagawa ng lahat ng anumang ipinag-utos niya sa inyo bilang pagsunod sa Allâh* (ﷻ); *at paghahangad na kayo ay gabayan sa Matuwid na Landas*."

159. At sa angkan ni Isrâ`îl na sambayanan ni Mousã (عليه السلام) ay mayroong grupo na nagpapatupad ng katotohanan at ginabayan nila tungo rito ang mga tao at itinatag nila ang katarungan sa kanilang paghahatol at sa anumang pangyayari sa kanilang sambayanan.

---

ay ginawa para sa akin (*at sa aking mga tagasunod*) *bilang lugar ng* '*Salâh*'*-an* (*dasalan*), *na kung kaya*, *sinuman sa aking tagasunod ay maaaring magsagawa ng* '*Salâh*' *kahit nasaan siya*, *sa oras ng* '*Salâh*;' **ikatlo**, *ang* '*Ghanîmah*' *ay ipinahintulot sa akin samantalang hindi ito ipinahintulot sa kaninuman na nauna kaysa sa akin*; **ikaapat**, *pinagkalooban ako ng karapatan ng* '*Shafâ`ah*' (*pamamagitan*) *sa Araw ng Muling Pagkabuhay*; **ikalima**, *ang bawa't Propeta ay ipinadala sa kani-kaniyang nasyon subali*'*t ako ay ipinadala sa lahat ng sangkatauhan*." Batay sa pagkakasalin ng kahulugan, na naitala sa '*Sahih Al-Bukhari*,' Tomo I, '*Hadith*' bilang 331.

160. At pinaghiwa-hiwalay Namin ang sambayanan ng mga angkan ni Isrâ`îl na labingdalawang angkan, na tulad ng bilang ng labingdalawang anak ni Ya`qûb (ﷺ) at bawa't angkan ay nakikilala sa pangalan ng kanilang pinuno. At ipinahayag Namin kay Mousã (ﷺ) na kapag hiniling sa kanya ng kanyang sambayanan ang tubig-inumin kapag sila ay nauhaw noong sila ay gagala-gala at nasa pagkaligaw: "*Na ihampas niya ang kanyang tungkod sa bato*," at bumulwak mula roon ang labingdalawang bukal na tubig, at katiyakang nalaman ng bawa't angkan sa labingdalawang angkan kung saan sila iinom, na hindi mapapakialaman ng bawa't angkan ang iinuman ng iba, at nililiman Namin sila ng ulap, at nagbaba Kami sa kanila ng '*Al-Manna*,' na ito ay parang '*gum*' na lasang pulut-pukyutan at gayundin ang '*As-Salwa*' na ito ay katulad ng pugo, at sinabi Namin sa kanila: "*Kumain kayo mula sa mga malilinis na Aming ipinagkaloob sa inyo bilang inyong kabuhayan*," subali't ito ay kanilang pinagsawaan dahil sa ito lamang ang kanilang patuloy na kinakain, at kanilang sinabi: "*Kailanman ay hindi namin matitiis na isang uri lamang ang aming kinakain*," kaya hiniling nila na ito ay palitan ng mababang uri. At kailanman, ay hindi Namin sila inapi o dinaya noong sila ay hindi nagpasalamat sa Allâh (ﷻ) at hindi nila ginawa ang anumang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa kanila, subali't sila mismo ang naminsala sa kanilang mga sarili; dahil sa sinayang nila ang lahat ng kabutihan at ipinahamak nila ang kanilang sarili sa kasamaan at parusa.

161. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang paglabag ng mga angkan ni Isrâ`îl sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at sa kanilang Propeta na si Mousã (ﷺ), at sa pagpapalit nila ng salita na ipinag-utos sa kanila, na kanilang sinabi noong sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanila: "*Manirahan kayo sa bayan na ito*, *na ang tinutukoy ay ang* '*Baytul Maqdis*' *at kumain kayo mula sa mga bunga*, *mga butil at anumang mga sumisibol na luntian mula rito*, *saan man at kailan ninyo gusto*, *at sabihin ninyo*, '***Patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan***;' *at pumasok sa pinto na nakayuko na may kasamang pagpapakumbaba*, *upang pagtakpan Namin ang inyong mga pagkakasala*, *at hindi na Namin kayo paparusahan*, *at bukod pa rito*

ay patuloy Naming daragdagan ang mga mabubuting tao ng kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay."

162. Subali't pinalitan ng mga walang pananampalataya mula sa kanila ang anumang ipinag-utos sa kanila, at sila ay pumasok nang pasadsad, at sinabi nila: "*Isang butil sa isang hiblang buhok*," na kung kaya, pinuksa Namin sila sa pamamagitan ng kaparusahan mula sa kalangitan dahil sa kanilang paghihimagsik at paglabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ).

163. At tanungin mo sila na mga Hudyo, O Muhammad (ﷺ), hinggil sa bayan na malapit sa tabi ng dagat, noong lumabag sila sa araw ng '*Sabbath*' (Sabado), nilabag nila sa araw ng '*Sabbath*' ang mga hangganang itinakda ng Allâh (ﷻ) na Kanyang ipinagbawal, dahil inutusan sila na igalang ang araw ng Sabado ('*Sabbath*') at huwag silang manghuhuli ng isda, subali't sinubukan sila ng Allâh (ﷻ); kaya dumarating ang napakarami at malalaking isda na lumulutang sa karagatan sa araw ng Sabado, at kapag lumipas na ang araw ng Sabado ay nawawala naman ang mga ito at wala na silang nakikita (mula sa mga isda), na kung kaya, sila ay nagpakana na mahuli nila sa araw ng Sabado ang mga isda sa pamamagitan ng paglalagay nila ng lambat bago mag-Sabado at saka nila kukunin pagkatapos ng Sabado.

At katulad ng pagsasalarawan Namin nito ay ganoon Namin sila sinubok sa pagpapalitaw ng isda na lumulutang sa ibabaw ng tubig sa araw na ipinagbabawal sa kanila ang mangisda at nawawala naman sa araw na ipinahihintulot sa kanila ang pangigisda, sa ganito Namin sila sinubukan dahil sa hindi nila pagsunod sa Kautusan ng Allâh (ﷻ) at paglabag sa Kanyang kagustuhan.

164. At alalahanin mo pa rin, O Muhammad (ﷺ), noong sinabi ng isang grupo sa ibang grupo na nagpapayo roon sa mga lumalabag sa araw ng Sabado (‘*Sabbath*’) at tagapangaral na huwag gumawa ng paglabag sa Allâh (ﷻ) sa araw na yaon: “*Bakit pa ninyo pinapayuhan ang mga tao na tiyak namang pupuksain ng Allâh dito sa daigdig dahil sa kanilang paglabag sa Allâh o di kaya ay paparusahan din naman sila ng Allâh ng matinding parusa sa Kabilang-Buhay?*” Sinabi ng mga yaong tagapangaral: “*Pinapayuhan namin sila at pinipigilan upang maging ligtas kami sa pananagutan sa kanila*, *at maisagawa namin ang ipinag-utos ng Allâh* (ﷻ) *sa amin na pag-uutos ng kabutihan at pagbabawal ng kasalanan*, *at naghahangad kami na manumbalik sila at magkaroon ng takot sa Allâh* (ﷻ). *At pagsisihan nila ang kanilang nagawang kasalanan sa kanilang* ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha at paglabag sa Kanyang mga ipinagbawal.*”

165. At noong kinalimutan ng grupo ng mga lumabag sa araw ng ‘*Sabbath*’ ang paalaala sa kanila, at nagpatuloy sila sa kanilang pagkaligaw at paglabag, at hindi pinakinggan ang payo ng mga grupong nagpapayo, iniligtas ng Allâh (ﷻ) ang mga yaong nagbabawal ng paglabag sa Allâh (ﷻ), at pinuksa ang mga yaong lumabag sa araw ng ‘*Sabbath*’ ng matinding kaparusahan dahil sa kanilang pagsalungat sa Kautusan ng Allâh (ﷻ) at hindi pagsunod sa Kanya.

166. At noong naghimagsik ang grupo na yaon, at sinuway nila ang pagbabawal ng Allâh (ﷻ) na huwag mangisda sa araw ng ‘*Sabbath*,’ sinabi sa kanila ng Allâh (ﷻ): “*Maging unggoy kayo*, *hinamak at malayo sa anumang kabutihan*,” kaya ito ay nangyari sa kanila (na naging mga unggoy sila).

167. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong inihayag ng iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, nang tuwirang pagpapahayag, na Siya ay walang pag-aalinlangan na patuloy na magpapadala sa mga Hudyo ng magpaparanas sa kanila ng masidhing kaparusahan at kapahamakan hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Katiyakan, ang iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), ay ‘***As-Saree`ul Iqâb***’ – ang Mabilis sa Kanyang pagpaparusa sa sinumang

karapat-dapat dahil sa pagtanggi at paglabag nito (sa Allâh ﷻ), at (magkagayunpaman, dapat na mabatid na) katiyakan, Siya ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa kasalanan ng mga nagsisisi, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

168. At pinagwatak-watak Namin na mga grupu-grupo ang mga angkan ni Isrâ`îl dito sa kalupaan, mayroon sa kanila ang mga matatapat na sumusunod na isinasagawa nila ang kanilang tungkulin sa Allâh (ﷻ) at kanilang tungkulin sa mga tao, mayroon naman sa kanila ang malayo sa ganoon na hinahamak nila ang kanilang mga sarili.

At sinubok Namin sila ng maluluwag na pamumuhay at mga biyaya, at sinubok din Namin sila ng kahirapan sa pamumuhay at mga kalamidad; upang sila ay manumbalik sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at pagsisihan ang kanilang mga nagawang kasalanan.

169. Pagkatapos nila ay humalili ang panibagong henerasyon na ang mga uri ng tao ay masasama, na kanilang minana ang Aklat mula sa kanilang mga ninuno at ito ay kanilang binasa at natutunan, subali't nilabag nila ang batas nito at tumatanggap sila ng anumang iniaalok sa kanila na makamundong kasiyahan na mababang uri na pinagkakakitaan na katulad ng suhol at iba pa; dahil sa tindi ng kanilang pagiging gahaman, at magkagayunpaman ay kanilang sinasabi: "*Katiyakan*, *ang Allâh ay patatawarin kami sa aming mga kasalanan*," na ito ay maling paghahangad sa Allâh (ﷻ), at kapag dumating naman sa kanila ang makamundong kasiyahan na mga ipinagbabawal ay tatanggapin nila ito at pakikinabangan at kanilang ipahihintulot, dahil sa kanilang pagdidiin sa paggawa ng pagkakasala at pagsagawa ng mga ipinagbabawal.

Hindi ba mayroon silang binitiwan na kasunduan na sila ay nangako na susundin nila ang '*Tawrah*' at kanilang ipatutupad ang anumang nasa loob nito, at hindi sila magsasabi ng anuman patungkol sa Allâh (ﷻ) kundi pawang katotohanan lamang at hindi sila magsisinungaling, at batid nila kung ano ang nasa loob ng Aklat nguni't binalewala nila ito na hindi nila ipinatupad, at nilabag nila ang kanilang pangako sa Allâh (ﷻ)?

Subali't ang tahanan sa Kabilang-Buhay ay higit na nakabubuti sa mga yaong natatakot sa Allâh (ﷻ), na sinusunod ang Kanyang ipinag-utos at iniiwasan ang Kanyang ipinagbawal. Hindi ba naisip ng mga yaong tumatanggap ng mababang uri na pinagkakakitaan, na ang anumang nasa Allâh (ﷻ) ay higit na nakabubuti at nananatili para sa mga yaong may takot (sa Allâh ﷻ)?

170. At yaong mga pinanghahawakan ang Aklat at ipinatutupad ang nasa loob nito na mga paniniwala at batas, at pinapangalagaan ang pagsasagawa ng '*Salâh*' sa tamang kaparaanan nito at hindi nila pinababayaan na isagawa sa takdang oras nito, katiyakang ang Allâh (ﷻ) ay gagantimpalaan sila sa kanilang mga mababuting gawa at hindi ito babalewalain sa kanila.

171. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong itinaas Namin ang bundok sa ibabaw ng ulunan ng mga angkan ni Isrâ`îl na parang mga ulap na nililiman sila at natiyak nila na walang pag-aalinlangang ito ay babagsak sa kanila kung hindi nila tatanggapin ang batas ng '*Tawrah*,' at sinabi Namin sa kanila: "*Tanggapin ninyo ang anumang ibinigay Namin sa inyo at panghawakan nang mahigpit*, *na ibig sabihin ay isagawa ninyo ang utos na ibinigay sa inyo nang buo ninyong lakas*, *at alalahanin ninyo ang nakapaloob sa Aklat na mga pangako na inyong binitiwan sa Amin na ito ay inyong ipatutupad*; *upang kayo ay magkaroon ng takot sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at mailigtas kayo sa Kanyang kaparusahan*.

172. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong inilabas ng iyong '*Rabb*' ang mga anak ni Âdam (عليه السلام) mula sa '*sulb*' (o gulugod ng mga kalalakihan) ng kanilang mga ama at pinasaksi sila sa Kanyang Kaisahan, na itinanim ito (o inilagay) sa kanilang mga likas na katangian (na tinatawag na '*Fitrah*'), at pinatestigo sila sa pamamagitan ng kanilang mga sarili na Siya [ang Allâh (ﷻ)] ang kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at Nagmamay-ari sa kanila, na sinabing: "*Hindi ba Ako ang inyong Rabb?*" Sila ay tumugon: "*Oo*, *kami ay tumitestigo*," na baka ito ay itatanggi ninyo sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na sasabihin ninyong: "*Katiyakan*, *hindi namin batid ang hinggil diyan*," – na hindi nila ito aaminin at aangkinin nila na walang katibayan sa kanila ang Allâh (ﷻ) at wala silang kaalaman sa mga bagay na ito, na ito ay hindi nila nababatid.

173. O di kaya ay sasabihin ninyo: "*Dahil sa sumamba ng iba bukod sa Allâh ang aming mga ninuno na nauna kaysa sa amin*, *at nilabag nila ang kasunduan*, *na kami ay mga salinlahi lamang pagkatapos nila*, *na kung kaya*, *sinunod namin sila*, *dahil ba rito ay paparusahan Mo kami sa ginawa ng mga yaong sinira nila ang kanilang mga gawain sa pamamagitan ng pagsamba nila ng iba bilang pagtatambal* (*sa Allâh*)*?*"

174. Kung paano Namin ipinaliliwanag ang mga talata at isinasalaysay ang Aming ginawa sa mga naunang sambayanan, ay ganoon din Namin ipinaliliwanag ang mga talata at nililinaw Namin sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ); upang sila ay umiwas sa pagsamba ng iba at sila ay magbalik-loob sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha.

175. At isalaysay mo, O Muhammad (ﷺ), sa iyong sambayanan ang kuwento ng isang tao na mula sa angkan ni Isrâ`îl, na Aming pinagkalooban ng mga katibayan at mga palatandaan, ito ay kanyang napag-aralan, at pagkatapos ito ay kanyang nilabag at kanyang itinapon sa kanyang likuran (winalang-halaga niya), na kung kaya, nalinlang siya ni '*Shaytân*,' kaya siya ay naging kabilang sa mga ligaw na nangapahamak; dahil sa kanyang paglabag sa kagustuhan ng Allâh at pagsunod niya kay '*Shaytân*.'

176. At kung ginusto Naming maiangat ang kanyang katayuan sa pamamagitan ng ipinagkaloob Namin sa kanya na mga talata ay gagawin Namin, subali't siya ay nagpakalulong sa makamundo at sinunod niya ang kanyang pagnanasa at ipinagpalit niya ang buhay sa Kabilang-Buhay sa sarap ng buhay dito sa daigdig at kanyang pagnanasa, kaya nilabag niya ang kagustuhan ng Allâh (ﷻ).

Na kung kaya, ang katulad ng taong ito ay parang aso, na kahit ipagtabuyan mo pa o pabayaan mo lang ay patuloy pa ring nakalaylay ang dila nito bilang pagkasabik (na parang walang kakuntentuhan), kaya gayundin ang katulad ng taong tinanggihan ang mga talata ng Allâh (ﷻ), na nananatili sa kanyang paglabag at pagtanggi, na kahit gawin mo pa ang makakaya mo para siya ay hikayating bumalik o di kaya ay pababayaan mo na lamang siya ay ganoon pa rin – walang pagkakaiba kahit alin ang piliin mo sa dalawa, hindi pa rin siya maniniwala.

Ang paglalarawang ito, O Muhammad (ﷺ), ay paglalarawan sa mga tao na ligaw, bago mo ipinarating sa kanila ang patnubay o mensahe, kaya isalaysay mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga kuwento ng mga naunang tao, dahil sa ang pagsasalaysay mo ay isang dakilang tanda, na ang ibig sabihin ay upang ang iyong sambayanan ay magkakaroon ng aral sa dala-dala mong mensahe at ito ay kanilang paniwalaan.

177. Napakasama ng halimbawa na inihalintulad ang mga yaong tinanggihan ang mga katibayan at mga palatandaang mula sa Allâh (ﷻ), at kanilang hinamak ang kanilang mga sarili dahil sa kanilang pagtanggi at pagpapasinungaling sa mga katibayan at mga palatandaan.

178. Na sinuman ang gagabayan ng Allâh (ﷻ) sa paniniwala at pagsunod sa Kanya, siya samakatuwid ang napatnubayan, at sino man ang Kanyang pabayaan at hindi gagabayan ay siya kung gayon ang magiging talunan at hamak, dahil ang gabay at pagkaligaw ay mula lamang sa Allâh (ﷻ) na Nag-iisa.

179. At katiyakan, Lumikha Kami ng mga mapupunta sa Impiyerno – ang paparusahan ng Allâh (ﷻ) sa Impiyerno ay ang sinuman na karapat-dapat parusahan sa Kabilang-Buhay – maraming mga '*jinn*' at tao, na sila ay mayroong mga puso subali't hindi nila ito ginagamit sa pang-unawa, kaya hindi sila naghahangad ng gantimpala at hindi rin sila natatakot sa parusa; at mayroon silang mga mata subali't hindi nila ginagamit sa pagmamasid sa mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang mga katibayan; at mayroon silang mga tainga subali't hindi nila ito ginagamit sa pakikinig sa mga talata ng Dakilang Qur'ân para ito ay unawain, sila ay katulad ng mga hayop na hindi nakaiintindi sa anumang sinasabi at hindi rin nakaiintindi sa anuman na kanyang nakikita, at hindi rin nauunawaan ng kanyang puso ang mabuti at masama para mabatid niya ang pagkakaiba nito o di kaya sila ay mas ligaw pa kaysa sa hayop; dahil ang mga hayop ay nakikita ng mga ito kung ano ang napapakinabangan at kung ano ang nakapipinsala kaya sumusunod ang mga ito sa kanilang tagapag-alaga, subali't ang mga tao na katulad nila ay wala silang mga katangian na ganoon, kaya sila ang mga pabaya na hindi nila pinagtutuunan ng pansin ang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagsunod sa Kanya.

180. At ang Allâh (ﷻ) ay nagtataglay ng mga Pinakamagagandang Pangalan na nagpapatunay sa pagiging ganap ng Kanyang Kadakilaan, at lahat ng Pangalan ng Allâh (ﷻ) ay mabubuti, na kung kaya, humiling kayo sa Kanya ng anuman na inyong nais sa pamamagitan ng mga Pangalan na ito, at iwasan ninyo ang mga yaong binabago nila ang mga Pangalan ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagdaragdag, pagbabawas o pagbibigay ng ibang pakahulugan nito, na katulad ng pagbibigay ng pangalan na hindi angkop sa Kanya, na tulad ng mga ipinapangalan ng mga '*Mushrikin*' sa kanilang mga sinasamba, o di kaya ay pagbibigay ng kahulugan na hindi ito pakahulugan sa ipinahayag ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo. At walang pag-aalinlangan, sila ay mananagot sa kanilang mga masamang nagawa na ginawa nila rito sa daigdig na paglabag at pagtanggi sa Allâh (ﷻ) at pagbago sa Kanyang mga Pangalan at pagpapasinungaling sa Kanyang Sugo.

181. At kabilang sa mga yaong nilikha Namin ay mga mababuting grupo na sila ay ginabayan sa katotohanan at hinihikayat din ang iba para rito; at sa pamamagitan ng katotohanang ito, sila ay makatarungan na nakikitungo sa mga tao, na sila ang mga nangunguna sa pamamatnubay na biniyayaan ng Allâh (ﷻ) ng tamang paniniwala at mabuting gawa.

182. At ang yaong pinasinungalingan ang Aming mga talata at mga palatandaan at hindi tinablan ng paalaala, walang pag-aalinlangang bubuksan Namin sa kanila ang mga pintuan ng biyaya at iba't ibang kasaganaan ng pamumuhay dito sa daigdig; na sila ay luluwagan upang sila'y malinlang sa kanilang kalagayan, na iisipin nila na sila ay nasa tama o magandang kinalalagyan, pagkatapos ay paparusahan Namin sila nang biglaan nang hindi nila namamalayan. At ganito ang parusa ng Allâh (ﷻ) sa nagpasinungaling sa Kanyang mga katibayan at mga palatandaan.

183. At pababayaan Ko ang mga yaong tinanggihan ang Aking mga palatandaan hanggang sa iisipin nila na sila ay hindi paparusahan, kaya mas lalo pa nilang daragdagan ang kanilang pagtanggi at pagmamalabis, at nang sa gayon ay maging doble para sa kanila ang parusa, dahil walang pag-aalinlangang ang Aking Panukala ay matibay, na ang ibig sabihin ay matatag na walang sinuman ang makakasalag nito nang kahit anumang lakas at pamamaraan.

184. O di kaya, hindi ba naisip ng mga yaong pinasinungalingan at tinanggihan ang mga talata ng Allâh (ﷻ) na ito ay kanilang pag-aralan para maisaalang-alang ng kanilang mga kaisipan, at mabatid nila na si Muhammad (ﷺ) ay hindi nasiraan ng bait? Kundi siya ay tagapagbabala lamang sa kanila at malinaw na tagapayo mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) sa kanilang pagtanggi at hindi paniniwala sa Allâh (ﷻ).

185. O di kaya, hindi ba nakikita ng mga yaong pinasinungalingan ang mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Kanyang dakilang kaharian at pagiging Ganap na Makapangyarihan na kumukuntrol sa mga kalangitan at kalupaan at anumang nilikha ng Allâh (ﷻ) na nasa pagitan ng mga ito, na kusang nagpapasailalim sa Kanya ang lahat, sa Kanyang Kapangyarihan, Kadakilaan at Kataas-Taasan, para ito ay kanilang isaalang-alang at pagkunan ng aral; at pag-isipan nila na baka ang katapusan ng kanilang buhay ay nalalapit na, na sila ay mamamatay na tumanggi at walang pananampalataya, at sila ay mapupunta sa parusa ng Allâh (ﷻ) at Kanyang masidhing pagpapahirap? Sa anong pananakot o babala ang paniniwalaan nila at tumugon pagkatapos nito sa babala ng Dakilang Qur'ân?

186. Ang sinumang inilihis ng Allâh (ﷻ) mula sa Daan ng Patnubay ay wala nang makagagabay pa sa kanya, na kung kaya, pababayaan Niya sila na gumagala-gala na bulag sa kanyang pagtanggi at pagmamalabis.

187. Tinatanong ka, O Muhammad (ﷺ), ng mga walang pananampalataya sa Makkah hinggil sa '*As-sa`ah*' (ang Oras ng pagkagunaw ng sandaigdigan) kung kailan ito mangyayari? Sabihin mo sa kanila: "*Ang kaalaman hinggil dito ay sa Allâh* (ﷻ) *lamang na walang sinuman ang makapagpapahayag nito bukod sa Kanya*, *na dahil sa bigat ng kaalamang ito ay hindi ito kayang arukin ng anumang nasa kalangitan at kalupaan*, *na kung kaya*, *walang sinuman ang nakaaalam ng oras ng pagdating nito*, *kahit na ang pinakamalapit na anghel at kahit na sinumang Propeta na Sugo*, *na hindi darating ang* '*As-sa`ah*' *kundi ito ay biglaan*."

Tinatanong ka nila hinggil dito na parang sa iyo nagmumula ang kaalaman, sabihin mo sa kanila: "*Katiyakan*, *ang kaalaman hinggil dito ay sa Allâh* (ﷻ) *lamang na Siyang Ganap na Nakaaalam ng anumang lihim sa mga kalangitan at kalupaan*, *subali't ang karamihan sa mga tao ay hindi nila batid na ang bagay na ito ay walang sinuman ang Nakaaalam kundi ang Allâh* (ﷻ) *lamang*."

188. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Hindi ako nagtataglay ng kapangyarihan na magdudulot ng kabutihan sa aking sarili o ilayo ang kapahamakan na mangyayari maliban na lamang sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ), *at kung ako ay may kaalaman sa lihim na bagay ay gagawin ko ang lahat ng kaparaanan na alam ko upang ito ay makapagdulot ng maraming kabutihan at kapakinabangan sa akin*, *at maiiwasan ko ang anumang kapahamakan bago ito mangyari sa akin*, *na kung kaya*, *ako ay Sugo lamang ng Allâh na ipinadala sa inyo*, *binabalaan ko kayo mula sa Kanyang kaparusahan*, *at ibinabalita ko ang gantimpala sa mga taong naniniwala na ako ay Sugo ng Allâh at sumunod sa Kanyang batas*."

189. Siya ang Lumikha sa inyo, O kayong mga tao, mula sa isang tao lamang, na ito ay si Âdam (عليه السلام), at mula sa kanya ay nilikha ng Allâh (ﷻ) ang kanyang asawa na si Hawwa` (Eva); upang madama niya ang kaligayahan at kapanatagan, at noong nakipagtalik ang sinumang mag-asawa mula sa angkan ni Âdam at nadala ng babae ang kaunting punla (semilya), at nang naglaon siya ay nagdalang-tao, noong malapit na ang kanyang panganganak at malaki na ang kanyang dinadala, nanalangin silang mag-asawa sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha na: "*Kapag pinagkalooban Mo kami ng mabuting sanggol ay pasasalamatan Ka namin nang lubusan sa anumang ipinagkaloob Mo sa amin na mabuting anak.*"

190. Nang pinagkalooban sila ng Allâh (ﷻ) ng mabuting anak ay nagkaroon sila ng katambal sa pagsamba sa Allâh sa katauhan ng kanilang anak na Bukod-Tangi lamang ang Allâh (ﷻ) sa paglikha nito, kaya ito ay sinamba nila bukod sa Allâh sa pamamagitan ng labis-labis nilang pagmamahal sa sanggol, na nakalimutan nila ang kanilang tungkulin sa Allâh (ﷻ). Napakataas ng Allâh (ﷻ) at napakalayo Niya sa anumang uri ng pagtatambal.

191. Nagtatangi ba ang mga walang pananampalataya ng katambal sa kanilang pagsamba sa Allâh mula sa Kanyang mga nilikha, samantalang ito ay wala ni katiting na kapangyarihan na lumikha ng anumang bagay kundi siya mismo ay nilikha lamang?

192. At hindi nito kayang itaguyod o tulungan ang sinumang sumasamba sa kanya o ilalayo ang sarili nito sa anumang kapahamakan, na kung kaya, kung ito ay hindi nakalilikha ng anumang bagay kundi bagkus siya ay nilikha lamang at hindi mailalayo sa anumang kapahamakan ang sinumang sumasamba sa kanya ni maging ang kanyang sarili mismo, samakatuwid, paano ituturing ang mga ito na sinasamba bilang katambal ng Allâh? Samakatuwid, ito ay isang sukdulang kasamaan at kasiraan sa pag-iisip.

193. At kung aanyayahan ninyo, O kayong mga nagtatambal, ang mga rebultong ito na inyong sinasamba bukod sa Allâh, tungo sa patnubay ay hindi nila maririnig ang inyong paanyaya, na kung kaya, hindi sila susunod sa inyo, samakatuwid, walang pagkakaiba ang inyong paanyaya o inyong pananahimik dahil ito ay hindi nakakarinig at hindi nakakakita, at hindi nakagagabay at hindi nagagabayan.

194. Katiyakan, ang mga yaong sinasamba ninyo bukod sa Allâh, O kayong mga walang pananampalataya, ay pagmamay-ari lamang ng inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na katulad din ninyo na pagmamay-ari kayo ng inyong '*Rabb.*' Na kung kaya, kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin na ang mga ito ay may karapatang sambahin, manalangin kayo sa kanila upang tugunan kayo, kung tutugunan nga kayo at mangyari ang kahilingan ninyo, kung hindi ay napatunayan na kayo ay mga sinungaling na nag-aangkin, na nagkasala ng matinding pagsisinungaling laban sa Allâh.

195. Ang mga diyus-diyusan bang ito ay mayroong mga paa para asikasuhin ang inyong mga pangangailangan na kasama kayo? O mayroon ba silang mga kamay bilang panangga alang-alang sa inyo at tutulong sa inyo laban sa sinuman na naghahangad ng masama sa inyo? O di kaya ay mayroon ba silang mga mata na nakakakita para malaman nila kung ano ang nasa harap nila at makita nila ang anumang inilihim sa inyo na hindi ninyo nakikita? O di kaya ay mayroon ba silang mga tainga na nakakarinig para iparating sa inyo ang anuman na hindi ninyo naririnig?

Samakatuwid, kung ang sinasamba ninyo na mga diyus-diyusan ay wala sa kanila ang mga ganitong katangian, ano ang dahilan ng pagsamba ninyo sa kanila, samantalang wala sa kanila ang mga bagay na ito upang magdulot ng kapakinabangan o ilayo ang kapahamakan? Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga nagtatambal na sumasamba ng mga diyus-diyusan:

"*Tawagin ninyo ang inyong mga sinasamba na itinuturing ninyong katambal sa pagsamba sa Allâh*, *pagkatapos ay magsama-sama kayong lahat upang ako ay inyong ipahamak*, *at huwag ninyo itong ipagpaliban pa at madaliin ninyo*, *dahil ako ay walang pakialam sa inyong mga diyus-diyusan*; *dahil ako ay ganap na nagtitiwala sa bukod-tanging Pangangalaga ng Allâh*."

إِنَّ وَلِيِّيَ ٱللَّهُ ٱلَّذِي نَزَّلَ ٱلْكِتَٰبَ ۖ وَهُوَ يَتَوَلَّى ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿١٩٦﴾
وَٱلَّذِينَ تَدْعُونَ مِن دُونِهِۦ لَا يَسْتَطِيعُونَ نَصْرَكُمْ وَلَآ
أَنفُسَهُمْ يَنصُرُونَ ﴿١٩٧﴾ وَإِن تَدْعُوهُمْ إِلَى ٱلْهُدَىٰ لَا يَسْمَعُوا۟ ۖ
وَتَرَىٰهُمْ يَنظُرُونَ إِلَيْكَ وَهُمْ لَا يُبْصِرُونَ ﴿١٩٨﴾ خُذِ ٱلْعَفْوَ وَأْمُرْ
بِٱلْعُرْفِ وَأَعْرِضْ عَنِ ٱلْجَٰهِلِينَ ﴿١٩٩﴾ وَإِمَّا يَنزَغَنَّكَ مِنَ
ٱلشَّيْطَٰنِ نَزْغٌ فَٱسْتَعِذْ بِٱللَّهِ ۚ إِنَّهُۥ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٢٠٠﴾ إِنَّ
ٱلَّذِينَ ٱتَّقَوْا۟ إِذَا مَسَّهُمْ طَٰٓئِفٌ مِّنَ ٱلشَّيْطَٰنِ تَذَكَّرُوا۟
فَإِذَا هُم مُّبْصِرُونَ ﴿٢٠١﴾ وَإِخْوَٰنُهُمْ يَمُدُّونَهُمْ فِى ٱلْغَىِّ ثُمَّ
لَا يُقْصِرُونَ ﴿٢٠٢﴾ وَإِذَا لَمْ تَأْتِهِم بِـَٔايَةٍ قَالُوا۟ لَوْلَا ٱجْتَبَيْتَهَا ۚ
قُلْ إِنَّمَآ أَتَّبِعُ مَا يُوحَىٰٓ إِلَىَّ مِن رَّبِّى ۚ هَٰذَا بَصَآئِرُ مِن رَّبِّكُمْ
وَهُدًى وَرَحْمَةٌ لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿٢٠٣﴾ وَإِذَا قُرِئَ ٱلْقُرْءَانُ
فَٱسْتَمِعُوا۟ لَهُۥ وَأَنصِتُوا۟ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ ﴿٢٠٤﴾ وَٱذْكُر رَّبَّكَ
فِى نَفْسِكَ تَضَرُّعًا وَخِيفَةً وَدُونَ ٱلْجَهْرِ مِنَ ٱلْقَوْلِ بِٱلْغُدُوِّ
وَٱلْءَاصَالِ وَلَا تَكُن مِّنَ ٱلْغَٰفِلِينَ ﴿٢٠٥﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ عِندَ رَبِّكَ
لَا يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِهِۦ وَيُسَبِّحُونَهُۥ وَلَهُۥ يَسْجُدُونَ ﴿٢٠٦﴾

196. Katiyakan, ang aking '***Walee***' (Tagapangalaga) ay ang Allâh (ﷻ), na Siya ang nangangalaga at tumutulong sa akin, na Siya rin ang nagpahayag sa akin ng Dakilang Qur'ân bilang katotohanan, at Siya ang Tagapangalaga ng mga mababuting tao mula sa Kanyang mga alipin at tinutulungan laban sa kanilang mga kalaban at hindi Niya sila binibigo.

197. At yaong mga dinadalanginan ninyo, O kayong mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, na mga diyus-diyusan ay hindi nila kayang tumulong sa inyo ni wala silang kapangyarihan na ipagtanggol mismo ang kanilang mga sarili.

198. At kung kayo ay manawagan sa kanila, O kayong mga nagsasagawa ng pagtatambal sa pagsamba, tungo sa pagpapatnubay at pagpapakatuwid ay hindi nila maririnig ang inyong panalangin, na kung kaya, makikita mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga sinasamba nila bukod sa Allâh, na ito ay nakaharap sa iyo na parang nakatitig o tumitingin sa iyo subali't sa katotohanan ay hindi naman talaga ito nakakakita; dahil ang mga ito ay walang paningin at walang pag-iisip.

199. Magpatawad ka, O Muhammad (ﷺ), at tanggapin mo, ikaw at ang iyong mga tagasunod ang mabuting inaasal ng mga tao at ginagawa nang tapat, at huwag mong hilingin sa kanila ang anumang bagay na mahirap upang hindi nila layuan ang Islâm, at ipag-utos mo ang lahat ng mababuting salita at magagandang gawa, at iwasan mo ang pakikipagtalo sa mga mangmang na may kakulangan sa pag-iisip.

200. At kapag dumating sa iyo, O Muhammad (ﷺ), mula kay '*Shaytân*' ang galit o di kaya nakaramdam ka ng pambubuyo at pagpipigil sa pagsagawa ng kabutihan, o di kaya ay pag-uutos sa pagsagawa ng kasamaan ay humarap ka sa Allâh (ﷻ) upang hingin ang Kanyang kalinga, dahil katiyakang Siya ang '***Samee***`' – Ganap na Nakakarinig sa lahat ng salita, na '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng gawa.

201. Katiyakan, ang mga yaong natatakot sa Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang mga nilikha, na natakot sa Kanyang kaparusahan kaya ipinapatupad nila ang Kanyang mga ipinag-utos at iniiwasan ang Kanyang mga ipinagbawal, na kapag dumating sa kanila ang pambubuyo ni '*Shaytân*' na magsagawa ng masama ay naaalaala nila ang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) na pagsunod at pagbabalik-loob sa Kanya, na kung kaya, sila ay umiiwas sa paglabag sa Allâh dahil nakikita nila ang pagkatuwid, at sinusunod nila ang kagustuhan ng Allâh (ﷻ), na kung kaya nilalabag nila si '*Shaytân*.'

202. At ang mga kapatid ng mga '*Shaytân*' na sila ay ang mga yaong masasama, na inilulubog sila ng mga '*Shaytân*' na mula sa mga '*jinn*,' sa pagkaligaw at pagkatukso, at walang sinasayang na panahon ang mga '*Shaytân*' na mga '*jinn*' sa anuman na kanilang kakayahan sa pagtukso sa mga tao, at gayundin ang mga masasamang tao ay wala rin silang sinasayang na panahon, na ginagawa nila ang lahat ng kanilang kakayahan, masunod lamang ang mga panlilinlang o pambubuyo ni '*Shaytân*' na mula sa mga '*jinn*.'

203. At kung wala kang maipakita, O Muhammad (ﷺ), sa mga '*Mushrikin*' (na sila ay ang mga yaong naglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh o sumasamba ng iba bukod sa Allâh) na anumang palatandaan ay kanilang sasabihin: "*Bakit hindi ka na lamang mag-imbento mula sa iyong sarili?*" Sabihin mo sa kanila: "*Katiyakan*, *ito ay wala sa aking karapatan at ito ay hindi ko maaaring gawin*; *dahil ang ipinag-utos lamang sa akin ng Allâh* (ﷻ) *ay sundin kung ano ang ipinahayag Niya sa akin mula sa Kanya*, *at ito ay ang Dakilang Qur'ân na binabasa ko sa inyo bilang mga katibayan at mga palatandaan na ito ay mula sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *at ang pagpapahayag na ito ay upang gabayan ang mga mananampalataya tungo sa Matuwid na Landas*, *at awa na ipinagkakaloob ng Allâh* (ﷻ) *sa Kanyang mga alipin na mga mananampalataya*."

204. At kapag binigkas ang Kabanal-banalan na Qur'ân ay pakinggan ninyo, O kayong mga tao at maging tahimik kayo; upang ito ay inyong maintindihan sa paghahangad na kaawaan kayo ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan nito.

205. At alalahanin (purihin at dakilain) mo, O Muhammad (ﷺ), ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa iyong sarili na may pagkatakot at pagpapakumbaba, at manalangin ka sa Kanya nang katamtaman ang lakas ng mga salita, sa umaga at hapon, at huwag kang pabibilang sa mga yaong naging pabaya sa pag-aalaala sa Allâh na naglilibang lamang sa buong oras nila.

206. Katiyakan, ang mga yaong nasa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na mga anghel ay hindi sila nagmamataas upang hindi sumamba sa Allâh, kundi sila ay buong katapatan na sumusunod sa Kanyang mga ipinag-utos, at sila ay pumupuri sa Kanya sa gabi at araw, at niluluwalhati nila ang Kanyang Kapurihan at inilalayo sa anumang hindi karapat-dapat sa Kanyang Kadakilaan, at Bukod-Tangi na sa Kanya lamang na walang katambal, sila ay nagpapatirapa.

سورة الأنفال 8

VIII – Sûrat Al-Anfâl

[**Kabanata Al-Anfâl** – Ang mga nakuha sa labanan na mga yaman]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Tinatanong ka ng iyong mga ‘*Sahâbah*,’ O Muhammad (ﷺ), hinggil sa ‘*Ghanâim*’ sa Labanan sa Badr, kung papaano mo ito hahatiin sa kanila? Sabihin mo sa kanila: “*Katiyakan*, *ang may karapatan lamang hinggil sa bagay na ito ay ang Allâh* (ﷻ) *at ang Kanyang Sugo*, *na kung kaya*, *ang Sugo ang mamamahagi nito ayon sa utos ng kanyang* ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha*,” samakatuwid, katakutan ninyo ang parusa ng Allâh (ﷻ), huwag kayong gumawa ng kasalanan sa Kanya, at iwasan ninyo ang pagtatalu-talo at pagkakasalungatan dahil sa kayamanan na ito, at ayusin ninyo ang hidwaan sa mga pagitan ninyo, at ipatupad ninyo ang pagsunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, kung kayo ay tunay na nananampalataya sa Kanya; dahil ang tunay na paniniwala ay nag-aakay sa inyo tungo sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo.

2. Katiyakan, ang tunay lamang na mananampalataya sa Allâh ay ang mga yaong kapag binanggit ang patungkol sa Allâh (ﷻ) ay nakadarama ng takot sa kanilang mga puso, at kapag binigkas sa kanila ang mga talata ng Dakilang Qur’ân ay nadaragdagan ang kanilang paniniwala, at sa Allâh (ﷻ) lamang nila ipinauubaya ang kanilang mga sarili, na kung kaya, hindi sila naghahangad ng anuman at wala silang kinatatakutan na iba.

3. Ang mga yaong patuloy ang kanilang pagsagawa ng mga obligadong '*Salâh*' sa nakatakdang oras nito, at gumagasta mula sa anumang ipinagkaloob Namin sa kanila ayon sa Aming ipinag-utos sa kanila.

4. Sila na mga yaong nagsasagawa nito ang tunay na mananampalataya, na naniniwala sa kung ano ang ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa kanila, nakalantad man o lihim, na para sa kanila ang matataas na antas sa Allâh (ﷻ), at pagpapatawad sa kanilang mga pagkakasala at masaganang kabuhayan na ito ay ang '*Al-Jannah*' (Hardin).

5. Na katulad noong kayo ay nagkakasalungatan hinggil sa '*ghanâim*,' kaya inalis ng Allâh (ﷻ) ang karapatan sa inyo, at ginawa Niya na para lamang sa Kanya at sa Kanyang Sugo ang pagbabaha-bahagi nito, ay ganoon din na inutusan ka rin ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), na umalis sa Madinah upang harangin ang '*Caravan*' ng mga Quraysh, na yaon ay utos sa pamamagitan ng Rebelasyon na dala-dala ni Anghel Jibril (عليه السلام), samantalang may grupo ng mga mananampalataya na ayaw nilang lumabas sa Madinah.

6. Nakikipagtalo sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang isa sa grupo ng mga mananampalataya hinggil sa pakikipaglaban pagkatapos mapatunayan sa kanila na ito ay walang pag-aalinlangan na mangyayari, para bagang sila ay hinihila tungo sa kamatayan, na ito ay nakikita mismo ng kanilang mga sariling mata.

7. At alalahanin ninyo, O kayo na nakikipagtalo, ang pangako ng Allâh (ﷻ) sa inyo na makamtan ang isa sa dalawang tagumpay: ang '*Caravan*' at ang dala-dala nitong kabuhayan, o di kaya ay ang grupo ng mga kawal, na ito ay pakikipaglaban sa mga kalaban at panalo laban sa kanila, samantalang kayo ay gusto ninyo na mapasainyo ang '*Caravan*' nang walang labanan, subali't nais ng Allâh (ﷻ) na mapangatwiranan ang Islâm at ito ay mangingibabaw sa pamamagitan ng pag-uutos Niya sa inyo na makipaglaban sa mga walang pananampalataya at upang maputol ang ugat ng kasamaan ng mga walang pananampalataya sa pamamagitan ng pagwasak sa kanila.

8. Upang pangibabawin ng Allâh (ﷻ) ang Islâm at ang mga tagasunod nito, at puksain ang '*Shirk*' at ang mga tagasunod nito, na kahit ito ay kamuhian ng mga '*Mujrimûn*' – mga masasama na sumasamba ng iba bukod sa Allâh.



9. Alalahanin ninyo ang biyaya ng Allâh (ﷻ) sa inyo noong Labanan sa Badr noong kayo ay humihiling sa Allâh (ﷻ) na papanalunin laban sa inyong mga kalaban, at dininig ng Allâh (ﷻ) ang inyong panalangin na Kanyang sinabi: "*Katiyakan*, *Ako ay tutulong sa inyo sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang libong anghel mula sa kalangitan na magkakasunud-sunod*."

10. At hindi ginawa ng Allâh (ﷻ) ang pagtulong na ito kundi bilang isang magandang balita para sa inyo ng pagkapanalo, at upang mapanatag ang inyong mga kalooban, at makatiyak sa tulong ng Allâh (ﷻ) sa inyo, at walang anumang tulong kundi nagmumula lamang sa Allâh (ﷻ), na ito ang nagpapanalo at hindi ang inyong tapang at lakas. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '`***Azeez***'– Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang mga Kaharian, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pagpaplano at panukala.

11. Noong tinakluban Namin kayo ng antok bilang kapanatagan mula sa Kanya para sa inyo, mula sa inyong takot na matalo kayo ng inyong mga kalaban, at ibinaba para sa inyo ang tubig-ulan mula sa ulap; upang linisin kayo mula sa pisikal na karumihan, at upang alisin sa inyo ang mga maling pag-aakala sa inyong mga kalooban na panlilinlang ni '*Shaytân*,' at upang mapatibay ang inyong mga puso na maging matiisin sa pakikipaglaban, at upang patatagin ang mga paa ng mga mananampalataya sa pinasiksik na kalupaan dahil sa ulan, upang hindi madulas ang mga paa.

12. Noong nagpahayag ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), sa mga anghel na ipinadala ng Allâh (ﷻ) sa inyo bilang tulong sa Labanan sa Badr: "*Walang pag-aalinlangan*, *Ako ay kasama ninyo sa pamamagitan ng Aking Tulong na kayo ay Aking tinutulungan*, *na kung kaya*, *patatagin ninyo ang kalooban ng mga naniwala sa Akin*, *at katiyakang itatanim Ko sa mga puso ng mga walang pananampalataya ang matinding takot at pagkahamak*, *na kung kaya*, *hampasin ninyo*, *O kayong mga mananampalataya*, *ang mga ulo ng mga*

walang pananampalataya, *at ihampas sa kanilang mga daliri at mga pulso o* '*wrist*.'"

13. Ang yaong nangyari sa mga walang pananampalataya na paghampas sa kanilang mga ulo at pagputol ng kanilang mga leeg at mga daliri; dahil sa kanilang paglabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo, at ang sinumang lalabag sa kagustuhan ng Allâh at ng Sugo, ay walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Shadeedul `Iqâb***' – Matindi ang Kanyang pagpaparusa rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

14. Ito ang parusa na inuna Ko sa inyo, O kayo na mga walang pananampalataya na lumabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo, rito sa daigdig; na kung kaya, lasapin ninyo ito rito sa daigdig, at para sa inyo sa Kabilang-Buhay ay parusa sa Impiyernong-Apoy.

15. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, kapag nakatagpo ninyo ang mga walang pananampalataya sa pakikipaglaban na sila ay lumulusob sa inyo ay huwag kayong tatalikod, dahil matatalo kayo sa kanila, subali't magpakatatag kayo, dahil ang Allâh (ﷻ) ay kasama ninyo at tumutulong sa inyo.

16. At sinumang tumalikod mula sa inyo sa oras ng labanan ay katotohanang siya ay karapat-dapat sa sumpa ng Allâh, at ang kanyang patutunguhan ay Impiyernong-Apoy na napakasamang huling hantungan, maliban kung ito ay bilang isang uri ng '*strategy*' o kaparaanan lamang upang malupig ang mga walang pananampalataya, o di kaya ay lumipat lamang sa ibang grupo ng mga Muslim na nakikipaglaban at siya ay nakipaglaban na kasama nila.

17. Hindi ninyo napatay, O kayong mga mananampalataya ang mga walang pananampalataya sa Labanan sa Badr kundi ang Allâh (ﷻ) ang pumatay sa kanila, noong kayo ay tinulungan Niya, at hindi ikaw ang naghagis sa oras ng iyong paghahagis, O Muhammad (ﷺ), kundi ang Allâh (ﷻ) ang Siyang naghagis, dahil Siya ang nagpatama ng paghahagis mo sa mga mukha ng mga walang pananampalataya; upang subukin ang mga naniwala sa Allâh at ang Kanyang Sugo, at upang sila ay iangat sa pamamagitan ng '*Jihâd*' sa mga matataas na antas, at upang ipadama sa kanila ang biyaya ng Allâh (ﷻ), nang sa gayon ay pasalamatan nila ang Allâh (ﷻ) para rito. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee***`' – Ganap na Nakakarinig sa inyong mga panalangin at inyong mga sinasabi, lantad man ito o hindi, na '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa anumang nakabubuti sa Kanyang mga alipin.

18. Ang pangyayaring ito, ang pagkamatay ng mga walang pananampalataya ('*Mushrikûn*') at pagtama sa kanila ng mga buhangin na inihagis ng Propeta (ﷺ) noong sila ay natalo, at ang magandang pagsubok na pagkapanalo ng mga mananampalataya laban sa kanilang mga kalaban, ito ay mula sa Allâh (ﷻ) para sa mga mananampalataya, at katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangang pahihinain at pawawalaing-bisa ang pakana ng mga walang pananampalataya, hanggang sila ay mapahamak at manliit at magpasailalim sa katotohanan o di kaya ay mamatay.

19. O mga walang pananampalataya, kung hinihiling ninyo sa Allâh (ﷻ) na puksain o parusahan ang mga lumalabag at naghimagsik ay walang pag-aalinlangang dininig ng Allâh (ﷻ) ang inyong panalangin, noong pinarusahan kayo bilang pagbabayad ninyo at bilang aral naman sa mga matatakutin sa Allâh (ﷻ), at kung itigil ninyo ang inyong paglabag at pagtanggi sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at pakikipaglaban sa Kanyang Propeta na si Muhammad (ﷺ), ay ito ang higit na nakabubuti sa inyo rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at kung kayo ay babalik sa pakikipaglaban kay Muhammad (ﷺ) at sa kanyang mga

tagasunod na mga mananampalataya ay babalik din Kami sa inyo upang kayo ay gapiin, na tulad ng pagkatalo ninyo sa Badr, at kailanman ay wala kayong pakinabang kahit na anong dami ninyo na katulad din ng di ninyo pakikinabang nito sa Labanan sa Badr, marami ang bilang ninyo at ang inyong mga sandata at kakaunti naman ang bilang ng mga mananampalataya at ang kanilang sandata, katiyakan ang Allâh (ﷻ) ay kasama sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng Kanyang pagtaguyod at pagtulong.

20. O kayong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, sundin ninyo ang Allâh (ﷻ) at ang Kanyang Sugo sa ipinag-utos Niya at ipinagbawal, at huwag suwayin ang Allâh (ﷻ) at ang Kanyang Sugo, samantalang naririnig ninyo ang mga binibigkas sa inyo sa Qur'ân na mga katibayan at mga palatandaan.

21. Huwag ninyong ibilang ang inyong mga sarili, O kayong mga mananampalataya, sa lumalabag sa Allâh at sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ), na katulad ng mga '*Mushrikin*' at mga '*Munâfiqin*,' na kapag narinig nila ang Aklat ng Allâh na binibigkas sa kanila, sinasabi nila: "*Narinig ng aming mga tainga*," subali't sila sa katotohanan ay hindi nila iniintindi ang anuman na kanilang naririnig, at ito ay hindi nila pinag-iisipan.

22. Katiyakan, ang pinakamasama na mga gumagapang sa ibabaw ng kalupaan na nilikha ng Allâh, sa paningin ng Allâh (ﷻ) ay yaong mga bingi na natatakpan ang kanilang mga tainga na di nakakarinig ng katotohanan, at mga pipi na hindi nakabibigkas ang kanilang mga dila ng katotohanan, na sila ay yaong hindi iniisip ang patungkol sa ipinag-uutos ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang ipinagbabawal.

23. At batid ng Allâh (ﷻ) na kung may kabutihan sa mga yaon ay ipaparinig Niya sa kanila ang mga payo ng Dakilang Qur'ân at ang mga aral nito hanggang sa maintindihan nila ang mga katibayan at mga palatandaan ng Allâh (ﷻ), subali't ang Allâh (ﷻ) ay Batid Niya na walang kabutihan na maaasahan sa kanila, at sila sa katotohanan ay hindi na maniniwala pa, at kahit na iparinig pa sa kanila kung sakali man ay sadyang tatalikuran pa rin nila ang paniniwala bilang pagmamatigas pagkatapos nila itong maintindihan, at sila habang tinatalikuran nila ito ay hindi na sila lilingon pa sa katotohanan sa anumang kaparaanan.

24. O kayong mga naniwala sa Allâh bilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at kay Muhammad (ﷺ) bilang Propeta at Sugo! Tugunan ninyo ang panawagan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo, ng pagsunod, kapag Siya [Allâh (ﷻ)] ay nanawagan sa inyo tungo sa katotohanan na ikabubuhay ninyo, dahil ang pagtugon sa panawagan ng Allâh (ﷻ) ay pagtutuwid ng pamumuhay ninyo rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at dapat ninyong mabatid, O kayong mga mananampalataya, na ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangang nangangasiwa sa lahat ng bagay, na Ganap na Makapangyarihan na kaya Niyang harangan ang tao at sa anumang bugso ng kanyang kalooban, na Siya ang ganap na may karapatan na tugunan sa

Kanyang paanyaya kapag kayo ay inanyayahan; dahil nasa Kanyang pagtatangan ang lahat ng bagay, at dapat ninyong mabatid na kayo ay titipunin sa Araw na walang pag-aalinlangan na darating at pagbabayarin ang sinuman ng anumang karapat-dapat na kabayaran.

25. At katakutan ninyo, O kayong mga mananampalataya ang pagsubok at kahirapan na tumatama sa sinumang masama at hindi masama, na hindi lang sa sinumang gumagawa ng masama, o hindi lang ang mga makasalanan ang pinaparusahan o ang sinumang tuwiran na gumawa ng pagkakasala, kundi napapahamak kahit ang mga mababuting tao na kasama nila, kung may kakayahan ang mga mababuti na pigilan ang kasalanan subali't hindi nila ito ginawa, at dapat na mabatid na ang Allâh (ﷻ), sa katotohanan ang '***Shadeedul `Iqâb***' – Matindi ang Kanyang parusa sa sinumang lumabag sa Kanya, sa ipinag-utos Niya at sa Kanyang ipinagbawal.

26. At alalahanin ninyo, O kayong mga mananampalataya, ang mga biyaya ng Allâh (ﷻ) sa inyo, noong kayo ay nasa Makkah na kakaunti lang ang inyong bilang at inaapi, na kinatatakutan ninyo na baka kayo ay biglang lupigin ng mga walang pananampalataya, na kung kaya, pinagkalooban kayo ng matatakbuhan na ligtas na lugar na ito ay sa Madinah, at pinalakas kayo sa pamamagitan ng Kanyang tulong na inyong pagkapanalo sa Badr at binigyan kayo ng kabuhayan na '*ghanimah*' na ipinahintulot sa inyo; upang tumanaw kayo ng utang na loob sa anumang ipinagkaloob Niyang kabuhayan at biyaya para sa inyo.

27. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, huwag ipagkanulo ang Allâh (ﷻ) at ang Kanyang Sugo sa pamamagitan ng pag-iwas sa Kanyang ipinag-utos sa inyo at pagsagawa ng Kanyang ipinagbawal sa inyo, at huwag ninyong ipagkanulo ang ipinagkatiwala ng Allâh (ﷻ) sa inyo, dahil batid ninyo na itong ipinagkatiwala ay nararapat na pag-ingatan at isakatuparan.

28. At dapat ninyong mabatid, O kayong mga mananampalataya, na ang inyong mga kayamanan ay ipinagkatiwala ng Allâh (ﷻ) sa inyo, at gayundin ang inyong mga anak ay ipinagkaloob ng Allâh sa inyo bilang pagsubok na mula sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin; upang mapatunayan kung sila ay pasasalamatan ito at susundin ang Allâh para rito, o ang mga ito ang magiging sanhi ng pagkalimot ninyo sa Allâh (ﷻ). At dapat ninyong mabatid, ang Allâh (ﷻ) sa katotohanan ay nasa Kanya ang ganap at dakilang gantimpala sa sinumang natakot at sumunod sa Kanya.

29. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, kung kayo ay natatakot sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsagawa ng Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal ay gagawa ang Allâh (ﷻ) ng kaparaanan para sa inyo na kayo ay makalabas sa anumang pagsubok at kahirapan dito sa daigdig, at patatawarin sa inyo ang anumang nagawa ninyong kasalanan at pagtatakpan ito para sa inyo, na hindi na kayo paparusahan pa. Ang Allâh (ﷻ) ang

Siyang '***Dhul Fadhlil Adzeem***' – Ganap na Nagmamay-ari ng Napakadakilang Biyaya at Kagandahang-Loob.

30. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong nagpakana laban sa iyo ang mga walang pananampalataya sa Makkah upang ikulong ka, o di kaya ay patayin, o di kaya ay ilayo sa iyong bayan; at sila ay gumagawa ng pakana at ang Allâh (ﷻ) ay ginagantihan ang kanilang mga pakana ng katumbas nito para sa kanila, at nagpapanukala ang Allâh (ﷻ), at ang Allâh (ﷻ) ang '***Khayrul Mâkireen***' – Pinakamagaling na Tagapagpanukala na ganap ang Kanyang panukala sa anuman na kanilang mga pakana at masamang balakin.

31. At kapag binigkas sa kanila na mga lumalabag sa Allâh, ang mga talata ng Dakilang Qur'ân, sasabihin nila bilang kamangmangan at pagmamatigas laban sa katotohanan: "*Katunayan*, *narinig na namin ito noon pa*, *at kung nanaisin namin ay kaya rin naming magsalita ng katulad ng Dakilang Qur'ân*, *at ito na Qur'ân na binibigkas mo sa amin*, *O Muhammad*, *ay mga haka-haka na nagmula sa mga naunang tao*."

32. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang sinabi ng mga walang pananampalataya, mula sa iyong sambayanan na bilang panalangin sa Allâh (ﷻ): "*Kung ang dala-dala ni Muhammad ay katotohanan na mula sa Iyo ay paulanan Mo kami ng mga bato mula sa kalangitan*, *o di kaya ay magpadala Ka sa amin ng matinding parusa.*"

33. At ang Allâh (ﷻ), kailanman ay hindi Niya sila paparusahan habang ikaw, O Muhammad (ﷺ) ay kasama nila, at hindi sila paparusahan ng Allâh hangga't sila ay humihingi ng kapatawaran sa Allâh sa kanilang pagkakasala.


وَمَا لَهُمْ أَلَّا يُعَذِّبَهُمُ ٱللَّهُ وَهُمْ يَصُدُّونَ عَنِ ٱلْمَسْجِدِ
ٱلْحَرَامِ وَمَا كَانُوٓا۟ أَوْلِيَآءَهُۥٓ ۚ إِنْ أَوْلِيَآؤُهُۥٓ إِلَّا ٱلْمُتَّقُونَ
وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٣٤﴾ وَمَا كَانَ صَلَاتُهُمْ
عِندَ ٱلْبَيْتِ إِلَّا مُكَآءً وَتَصْدِيَةً ۚ فَذُوقُوا۟ ٱلْعَذَابَ
بِمَا كُنتُمْ تَكْفُرُونَ ﴿٣٥﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ يُنفِقُونَ
أَمْوَٰلَهُمْ لِيَصُدُّوا۟ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ فَسَيُنفِقُونَهَا ثُمَّ تَكُونُ
عَلَيْهِمْ حَسْرَةً ثُمَّ يُغْلَبُونَ ۗ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِلَىٰ جَهَنَّمَ
يُحْشَرُونَ ﴿٣٦﴾ لِيَمِيزَ ٱللَّهُ ٱلْخَبِيثَ مِنَ ٱلطَّيِّبِ وَيَجْعَلَ
ٱلْخَبِيثَ بَعْضَهُۥ عَلَىٰ بَعْضٍ فَيَرْكُمَهُۥ جَمِيعًا فَيَجْعَلَهُۥ
فِى جَهَنَّمَ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْخَٰسِرُونَ ﴿٣٧﴾ قُل لِّلَّذِينَ
كَفَرُوٓا۟ إِن يَنتَهُوا۟ يُغْفَرْ لَهُم مَّا قَدْ سَلَفَ وَإِن يَعُودُوا۟
فَقَدْ مَضَتْ سُنَّتُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٣٨﴾ وَقَٰتِلُوهُمْ حَتَّىٰ
لَا تَكُونَ فِتْنَةٌ وَيَكُونَ ٱلدِّينُ كُلُّهُۥ لِلَّهِ ۚ فَإِنِ
ٱنتَهَوْا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ بِمَا يَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿٣٩﴾ وَإِن تَوَلَّوْا۟
فَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ مَوْلَىٰكُمْ ۚ نِعْمَ ٱلْمَوْلَىٰ وَنِعْمَ ٱلنَّصِيرُ ﴿٤٠﴾

34. Subali't paano sila hindi magiging karapat-dapat sa parusa ng Allâh, samantalang pinipigilan nila ang '*awliyâ*`' ng Allâh na mga mananampalataya sa pagsagawa ng '*tawâf*' sa '*Ka`bah*' at pagsa-'*salâh*' sa '*Masjid Al-Harâm*'? At sila ay hindi kabilang sa '*awliyâ*`' ng Allâh, kaya sa katunayan, ang '*awliyâ*`' ng Allâh ay ang mga yaong kinatatakutan nila ang Allâh sa pamamagitan ng pagsagawa ng Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal, subali't ang karamihan sa mga walang pananampalataya ay hindi nila ito batid; na kung kaya, inaangkin nila sa kanilang mga sarili ang bagay na hindi karapat-dapat sa kanila.

35. Ang kanilang dasal sa '*Masjid Al-Harâm*' ay walang iba kundi pagpipituhan at pagpapalakpakan ng mga kamay. Na kung kaya, lasapin ninyo ang parusang kamatayan o pagkabihag sa Labanan sa Badr; dahil sa inyong pagtanggi at sa inyong mga gawain na walang sinuman ang gumagawa nito kundi ang mga walang pananampalataya na tumatanggi sa Kaisahan ng Allâh at mensahe ng kanilang Propeta.

36. Katiyakan, ang mga yaong hindi naniwala sa Allâh at nilabag ang Kanyang Sugo ay ginagasta nila ang kanilang mga salapi sa mga katulad nila na mga walang pananampalataya at mga ligaw; upang harangan ang Daan ng Allâh at pigilan ang mga mananampalataya sa paniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, na kung gayon, patuloy na nilang gastahin ang kanilang mga kayamanan, pagkatapos sa bandang huli ito ay pagsisisihan nila at panghihinayangan nila ang kanilang ginasta, dahil masasayang lamang ang kanilang kayamanan, at hindi nila makakamtan ang kanilang hinahangad na pagpigil sa Liwanag ng Allâh (ﷻ) at pagharang sa Kanyang Daan, at malulupig din sila ng mga mananampalataya sa dakong huli. At yaong mga walang pananampalataya ay pagsasama-samahin sa Impiyernong-Apoy at doon sila ay paparusahan.

37. Pagsasama-samahin ng Allâh (ﷻ) at ipapahamak ang mga yaong walang pananampalataya sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at gumasta ng kanilang

kayamanan upang pigilin ang mga tao sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at harangan ang Kanyang Daan, upang paghiwalayin ng Allâh (ﷻ) ang masama sa mabuti, at sasanhiin ng Allâh (ﷻ) ang masamang kayamanan na ginasta para harangan ang '*Deen*' ng Allâh, na ito ay pagpapatung-patungin at itatapon sa Impiyernong-Apoy, at sila na mga walang pananampalataya ay mga talunan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

38. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga tumanggi at di naniwala, mula sa mga walang pananampalataya sa iyong sambayanan: "*Kapag sila ay tumigil mula sa* '*Kufr*' (*pagtanggi*) *at pakikipaglaban sa Propeta*, *at sila ay magbalik-loob sa paniniwala sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at hindi na makipaglaban sa Sugo ng Allâh at sa mga mananampalataya*, *ay patatawarin ng Allâh* (ﷻ) *sa kanila ang anuman na nagawa nilang mga kasalanan*, *dahil ang Islâm ay nababura nito ang dating kasalanan ng sinumang naniwala.*

"*At kung babalik ang mga yaong walang pananampalataya sa pakikipaglaban sa iyo*, *O Muhammad*, *pagkatapos ng nangyaring Labanan sa Badr ay walang pag-aalinlangang nakalipas na ang pamamaraan ng mga naunang tao*, *na sila ay tumanggi at nagpatuloy sila sa kanilang pagtanggi o paglabag*, *na kung kaya*, *kaagad Namin silang pinarusahan*."

39. At makipaglaban kayo, O kayong mga mananampalataya sa mga '*Mushrikin*,' hanggang wala nang manatiling '*shirk*' at pagpigil sa Daan ng Allâh, at wala nang sasambahin kundi ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi at walang katambal, na kung kaya, mawawala na rin ang mga paghihirap sa mga alipin ng Allâh dito sa kalupaan, hanggang sa manatili lamang ang '*Deen*,' pagsunod at pagsamba; na lahat ng ito ay para lamang sa Allâh (ﷻ) at hindi sa iba, at kapag sila ay tumigil sa pagpapahirap sa mga mananampalataya at pagsamba ng iba bukod sa Allâh at sila ay naging kabilang na sa inyo sa '*Deen*' ng Allâh, samakatuwid, ang Allâh (ﷻ) ay walang nailililihim sa anuman na kanilang ginagawa na pagtalikod sa maling paniniwala at pagpasok sa Islâm.

40. At kapag tinanggihan ng mga walang pananampalataya ang inyong paanyaya tungo sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at pagtigil sa pakikipaglaban sa inyo, at tinanggihan nila ang anuman maliban sa pananatili sa maling paniniwala at pakikipaglaban sa inyo, na kung gayon, dapat ninyong matiyak na ang Allâh (ﷻ) ang inyong '***Mawlâ***' – Tagapagtaguyod, Tagapangalaga. Siya ang '***Ni`mal Mawlâ***' – Ganap at Walang-Hanggang Tagapagtaguyod, at ang '***Ni`man Naseer***' – Ganap at Walang-Hanggang Tagatulong sa inyo at sa mga malalapit sa Kanya laban sa inyong mga kalaban.



41. At dapat ninyong mabatid, O kayong mga mananampalataya, na anumang inyong nakamtan (‘*Ghânimah*’) mula sa inyong pakikipaglaban sa inyong mga kalaban bilang ‘*Jihâd*’ (o pakikipagpunyagi) sa Daan ng Allâh, ang apat na kalima (4/5) nito ay para sa mga nakipaglaban na kasama sa labanan at ang panlimang bahagi na natitira ay hahatiin sa lima: una sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, na kung kaya, ito ay para sa kapakinabangan ng mga Muslim bilang pang-kalahatan; ang pangalawa ay sa mga kamag-anak ng Sugo ng Allâh, na sila ay Banu Hâshim at Banu Abdulmutallib, na ito ay ginawa bilang kapalit ng ‘*Sadaqah*’ (kawanggawa) dahil hindi ipinahihintulot sa kanila ang ‘*Sadaqah*;’ at ang pangatlo ay para sa mga ulila, at ang pang-apat ay para sa mga mahihirap, at ang panglima naman ay para sa mga manlalakbay na pansamantalang natigil sa isang lugar (o na-‘*stranded*’), kung kayo ay tunay na naniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sumusunod sa Kanya at naniniwala sa anumang Kanyang ipinahayag sa Kanyang alipin na si Propeta Muhammad (ﷺ) na mga talata ng Dakilang Qur’ân at pagbaba ng mga tulong sa araw na pinaghiwalay ang katotohanan sa kamalian sa Labanan sa Badr, sa araw ng pagtagpo ng grupo ng mga mananampalataya at grupo ng mga ‘*Mushrikin*’ na mga walang pananampalataya. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Qadeer***’ – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay na walang anumang makapipigil sa Kanya.

42. At alalahanin ninyo noong kayo ay nasa kabilang dako ng bundok sa gawing Madinah at ang kalaban ninyo naman ay nasa kabilang dako ng malayong lambak, at ang ‘*Caravan*’ ng pangangalakal ay nasa gawing ibaba ninyo sa gilid na malapit sa tabing dagat – Pulang Dagat – na abot tanaw, na kung gumawa lang kayo ng paraan na magkaroon ng pakikipagtipan upang magkatagpo kayo ay hindi kayo magkakasundo sa isa’t isa, subali’t ang Allâh (ﷻ) ay pinagtagpo kayo nang walang kasunduan; upang itadhana ng Allâh (ﷻ) ang pangyayari na tiyak na magaganap para itaguyod ang mga malalapit sa Kanya at ipahamak ang Kanyang mga kalaban sa pamamagitan ng kanilang pagkamatay o pagkabihag; at yaon ay upang mawasak ang sinumang karapat-dapat na mawasak, na ito ay katibayan na

mula sa Allâh (ﷻ), upang patatagin ang matibay na katibayan mula sa Allâh (ﷻ) at wala na silang idadahilan pa, at upang mabuhay ang karapat-dapat na mabuhay sa pamamagitan ng paglitaw ng matibay na katibayan mula sa Allâh (ﷻ). Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee***`' – Ganap na Nakakarinig sa dalawang grupo, na walang anumang nailililihim sa Kanya, na '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam na Nababatid Niya ang kanilang layunin.

43. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong ipinakita ng Allâh (ﷻ) sa iyo, sa pagtulog mo na ang bilang ng kalaban ay kaunti, ito ay ikinuwento mo sa mga mananampalataya, kaya lumakas ang kanilang kalooban, at naging magiting sila sa pakikipaglaban, at kung ang ipinakita lamang sa iyo ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay ang dami ng bilang ng kalaban ay magdadalawang-isip ang iyong mga tagasunod sa kanilang pakikipagharap, at matatakot kayo at hindi kayo magkakasundo sa pakikipaglaban, subali't ang Allâh (ﷻ) ay iniligtas kayo sa pagkasawi at sa anumang magiging bunga nito na masama. Katiyakan, Siya ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa anuman na kinikimkim ng inyong mga puso at sa likas na katangian ng inyong mga kalooban.

44. At alalahanin mo pa rin, noong lumitaw ang mga kalaban sa lugar ng labanan ay nakita ninyo sila na kakaunti kaya naging malakas ang inyong loob na lumaban at maliit ang tingin nila sa inyo kaya hindi na sila naghanda ng pakikipaglaban sa inyo; upang itadhana ng Allâh (ﷻ) ang bagay na tiyak na mangyayari, nang sa gayon ay matupad ang pangako ng Allâh (ﷻ) sa inyo na tulong at pagkapanalo, dahil ang salita ng Allâh (ﷻ) ay mangingibabaw at ang salita naman ng mga walang pananampalataya ay hahamakin. At sa Allâh (ﷻ) ang Katapusan ng lahat ng bagay, at tinutumbasan Niya ang sinuman sa anumang karapat-dapat na para sa kanya.

45. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, kapag nakatagpo ninyo ang mga grupo ng mga walang pananampalataya na nakahanda na sa pakikipaglaban sa inyo, ay magpakatatag kayo, huwag kayong magpatalo sa kanila at alalahanin ninyo ang Allâh (ﷻ) at purihin ng marami bilang panalangin at pagsusumamo upang ibaba Niya ang Kanyang tulong sa inyo at pagpanalo laban sa inyong mga kalaban, nang sa gayon ay magtagumpay kayo.

46. At ipagpatuloy ninyo ang pagsunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo sa lahat ng pagkakataon, at huwag kayong magkasalungatan upang hindi kayo magkahiwa-hiwalay at magkaiba-iba ang inyong mga kalooban, dahil hihina kayo at mawawalan kayo ng lakas at tulong, at magtiis kayo sa inyong pagpapakatatag sa inyong pakikipagharap sa inyong mga kalaban, dahil walang pag-aalinlangan na ang Allâh (ﷻ) ay kasama ng mga matiisin sa pamamagitan ng Kanyang tulong at pagtataguyod, at sila ay hindi Niya bibiguin.

47. At huwag kayong maging katulad ng mga '*Mushrikin*' na lumabas mula sa kanilang bayan bilang pagmamataas at para makita lamang ng tao: upang pigilin ang mga tao sa pagpasok sa '*Deen'* ng Allâh. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Muheet***' – Kubkob na Kubkob sila at Ganap na Nakaaalam sa kanila at wala anumang naililihim o naitatago sa Kanya.

48. At alalahanin ninyo noong pinaganda ni '*Shaytân*' sa mga '*Mushrikin*' ang kanilang mga gawain at ang kanilang balakin, at sinabi sa kanila: "*Kailanman ay hindi na kayo magagapi ngayon ng sinuman*, *at ako ay kaagapay ninyo*." Subali't nang nagtagpo ang dalawang grupo: ang mga walang pananampalataya kasama nila si '*shaytân*,' at ang mga Muslim kasama nila ang mga anghel, siya ay tumalilis ('*shaytân*') at kanyang sinabi sa mga '*Mushrikin*,' "*Katiyakan*, *wala akong kinalaman sa inyo*, *dahil nakikita ko ang hindi ninyo nakikita na mga anghel na sila ay dumating bilang tulong sa mga Muslim*, *katiyakang ako ay natatakot sa Allâh*, *kaya sila ay ipinagkanulo niya at tinanggihan. At ang Allâh* (ﷻ) *ay Matindi ang Kanyang parusa sa sinumang lumabag sa Kanya at hindi nagsisisi nang taimtim na pagsisisi.*"

49. At alalahanin ninyo, noong sinabi ng mga mapagkunwari at saka yaong may sakit ang puso mula sa pagtanggi, dahil sa nakikita nilang kakaunti ang mga Muslim at marami ang kanilang mga kalaban: "*Ang mga Muslim na ito ay nalinlang ng kanilang* '*Deen*,' *na kung kaya sila ay napasubo sa ganitong kalagayan.*" Subali't hindi batid ng mga mapagkunwari na yaon na katotohanang

ang sinumang nagtitiwala sa Allâh at nakatitiyak sa Kanyang pangako, katiyakang hindi siya bibiguin ng Allâh (ﷻ), dahil ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangang ang ‘`***Azeez***’ – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na walang sinuman ang makatatalo sa Kanya, na ‘***Hakeem***’ – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa at gawain.

50. At kung makikita mo lamang, O Muhammad (ﷺ), ang kalagayan sa pagkuha ng mga anghel sa mga kaluluwa ng mga walang pananampalataya at sa paghablot nito, at hinahampas ang kanilang mga mukha kapag sila ay nakaharap at kapag sila naman ay tumatakas ay hinahampas ang kanilang mga likod, at sinasabi ng mga anghel sa kanila: “*Lasapin ninyo ang kaparusahang nakasusunog na lagabgab ng apoy. Na kung kaya*, *makikita mo ang mga matinding pangyayari*.”

51. “*Kung ano man ang nangyari sa mga walang pananampalataya sa Badr ay dahil din lamang sa kanilang mga masasamang gawain. At walang pag-aalinlangang hindi dinaraya ng Allâh* (ﷻ) *ang sinuman sa kanyang mga nilikha na kahit na katiting*, *kundi Siya ay Pantay sa Kanyang paghatol at hindi nandaraya*.”

52. Katiyakan, ang anumang nangyari sa mga walang pananampalataya sa araw na yaon ay pamamaraan ng Allâh (ﷻ) sa pagpaparusa sa mga masasama na mga naunang tao na katulad ni Fir`âwn at saka sa mga nauna pa kaysa sa kanya, noong pinasinungalingan nila ang mga Sugo ng Allâh at tinanggihan nila ang Kanyang mga talata at mga palatandaan, na kung kaya, katiyakan, inilunsad ng Allâh (ﷻ) ang parusa sa kanila dahil sa kanilang mga kasalanan. Walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Qaweeyun Shadeedul `Iqâb***’ – Pinakamalakas na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, Matindi ang Kanyang parusa sa sinumang lumabag sa Kanya at hindi nito pinagsisihan ang kanyang kasalanan.

53. Na itong masamang kabayaran ay dahil sa ang Allâh (ﷻ) kapag biniyayaan ang mga tao ng biyaya ay hindi Niya ito babawiin sa kanila hangga't hindi nila binabago ang kanilang mabuting kalagayan tungo sa masama, at katiyakan ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee***`' – Ganap na Nakakarinig sa mga sinasabi ng Kanyang nilikha, na '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa sinumang karapat-dapat na parusahan

54. Ang katulad ng mga walang pananampalataya na ito ay katulad ng mga tauhan ni Fir`âwn na pinasinungalingan nila si Mousã (عليه السلام), at ang katulad nila ay yaong mga pinasinungalingan ang mga Sugo mula sa naunang mga tao, na kung kaya, sila'y pinuksa ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang mga kasalanan, at nilunod Niya si Fir`âwn at ang kanyang mga tagasunod sa karagatan, at lahat sila ay nakagawa ng hindi karapat-dapat na gawain na katulad ng pagtanggi sa mga Sugo ng Allâh at sa Kanyang mga palatandaan, at sa kanilang pagsamba ng iba bukod sa Allâh.

55. Katiyakan, ang pinakamasama na gumagapang sa ibabaw ng kalupaan sa paningin ng Allâh (ﷻ) ay ang mga walang pananampalataya na patuloy sa kanilang pagtanggi, dahil sila ay hindi naniniwala sa mga Sugo ng Allâh, at hindi nila pinaniniwalaan ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at hindi sinusunod ang Kanyang batas.

56. Kabilang sa kanila na mga masasama ay ang mga Hudyo na pumasok sa pakikipagkasundo sa iyo na sila ay hindi makikipaglaban sa iyo at hindi sila tutulong sa sinuman laban sa iyo, O Muhammad (ﷺ), pagkatapos ay nilabag nila ang kasunduan nang paulit-ulit, at sila ay hindi natatakot sa Allâh.

57. At kapag nakaharap mo sila, na mga sumira sa kasunduan sa pakikipaglaban, ay parusahan mo sila upang magkaroon ng takot ang iba sa kanilang mga puso, at upang magkawatak-watak sila sa kanilang samahan; baka sakaling sila ay makaalaala, at hindi na magkalakas-loob na gumawa ng katulad ng ginawa ng mga nauna sa kanila.

58. At kapag nangamba ka, O Muhammad (ﷺ), na baka ipagkanulo ka ng mga tao ay ibalik mo sa kanila ang kasunduan; upang malaman ng dalawang panig na wala nang kasunduan sa isa't isa mula ngayon. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), hindi Niya nais ang mga taksil sa kanilang kasunduan at sumisira ng mga kasunduan.

59. At huwag isipin ng mga yaong tinanggihan ang mga talata at palatandaan ng Allâh na nakalipas na ang pangyayari sa kanila kaya sila ay ligtas na, at inaakala nila na sila ay hindi na magagapi ng Allâh (ﷻ), samakatuwid sila ay hindi makaliligtas sa parusa ng Allâh.

60. At maghanda, O kayong mga Muslim, sa pakikipagharap sa inyong mga kalaban na anumang makakayanan ninyo na bilang at sandata, upang takutin ang mga puso ng mga kumakalaban sa Allâh at ang inyong mga kalaban na nag-aabang sa inyo, at takutin din ang iba na hindi ipinapakita ang kanilang pakikipaglaban sa inyo sa ngayon, subali't ang Allâh (ﷻ) ay kilala sila at alam Niya kung ano ang kinikimkim nila.

At kung anuman ang inyong ginagasta na kayamanan at iba pa sa Daan ng Allâh upang ipagtanggol ang Islâm ay papalitan ito ng Allâh (ﷻ) sa inyo, rito sa daigdig, at ilalaan sa inyo ang gantimpala sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at kailanman ay hindi ito mababawasan nang kahit na kaunti.

61. At kapag sila ay kumiling sa pag-iwas sa labanan at nais na nila na makipagpayapa sa inyo ay sumang-ayon ka, O Muhammad (ﷺ), at ipagkatiwala mo na ang sarili mo sa Allâh (ﷻ), at magtiwala ka sa Kanya. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay '***As-Samee***`' – ang Ganap na Nakakarinig sa kanilang mga sinasabi, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa kanilang mga layunin.

وَإِن يُرِيدُوٓا۟ أَن يَخْدَعُوكَ فَإِنَّ حَسْبَكَ ٱللَّهُ ۚ هُوَ ٱلَّذِىٓ أَيَّدَكَ
بِنَصْرِهِۦ وَبِٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٦٢﴾ وَأَلَّفَ بَيْنَ قُلُوبِهِمْ ۚ لَوْ أَنفَقْتَ
مَا فِى ٱلْأَرْضِ جَمِيعًا مَّآ أَلَّفْتَ بَيْنَ قُلُوبِهِمْ وَلَٰكِنَّ
ٱللَّهَ أَلَّفَ بَيْنَهُمْ ۚ إِنَّهُۥ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٦٣﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ حَسْبُكَ
ٱللَّهُ وَمَنِ ٱتَّبَعَكَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٦٤﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ حَرِّضِ
ٱلْمُؤْمِنِينَ عَلَى ٱلْقِتَالِ ۚ إِن يَكُن مِّنكُمْ عِشْرُونَ صَٰبِرُونَ
يَغْلِبُوا۟ مِاْئَتَيْنِ ۚ وَإِن يَكُن مِّنكُم مِّاْئَةٌ يَغْلِبُوٓا۟ أَلْفًا مِّنَ
ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ لَّا يَفْقَهُونَ ﴿٦٥﴾ ٱلْـَٰٔنَ خَفَّفَ
ٱللَّهُ عَنكُمْ وَعَلِمَ أَنَّ فِيكُمْ ضَعْفًا ۚ فَإِن يَكُن مِّنكُم مِّاْئَةٌ
صَابِرَةٌ يَغْلِبُوا۟ مِاْئَتَيْنِ ۚ وَإِن يَكُن مِّنكُمْ أَلْفٌ يَغْلِبُوٓا۟ أَلْفَيْنِ
بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ مَعَ ٱلصَّٰبِرِينَ ﴿٦٦﴾ مَا كَانَ لِنَبِىٍّ أَن يَكُونَ
لَهُۥٓ أَسْرَىٰ حَتَّىٰ يُثْخِنَ فِى ٱلْأَرْضِ ۚ تُرِيدُونَ عَرَضَ ٱلدُّنْيَا
وَٱللَّهُ يُرِيدُ ٱلْءَاخِرَةَ ۗ وَٱللَّهُ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٦٧﴾ لَّوْلَا كِتَٰبٌ مِّنَ
ٱللَّهِ سَبَقَ لَمَسَّكُمْ فِيمَآ أَخَذْتُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿٦٨﴾ فَكُلُوا۟ مِمَّا
غَنِمْتُمْ حَلَٰلًا طَيِّبًا ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٦٩﴾

62-63. At kung nais ng mga yaong nakipagkasundo sa iyo, na pag-taksilan ka ay walang pag-aalinlangang sapat na sa iyo ang Allâh (ﷻ) na gaganti sa kanila; dahil sa Siya ang nagbaba ng tulong para sa iyo at pinatibay ka sa pamamagitan ng mga mananam-palataya, na mga '*Muhâjireen*' at mga '*Ansar*,' at pinagkaisa ang kanilang mga puso pagkatapos ng kanilang di pagkakasundu-sundo, na kahit gastahin mo pa ang buong kayamanan ng daigdig para pag-isahin mo ang mga puso nila ay hindi mo ito makakayanan, kundi ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagpaisa nito sa paniniwala sa Kanya, na kung kaya, sila ay naging magkakapatid na mga nagma-mahalan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), Siya ang '`***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang nasasakupan, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa pangangasiwa nito.

64. O Propeta! Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay Sapat na para sa iyo at sa mga mananampalataya na kasama mo bilang Tagapagtanggol na nagtatanggol laban sa kasamaan ng inyong mga kalaban.

65. O Propeta! Utusan mo ang mga naniwala sa iyo ng pakikipagpalaban (sa mga kaaway ng Allâh), na kung mayroon sa kanilang dalawampung matiisin, mga matatag sa pakikipagharap sa mga kalaban ay matatalo nila ang dalawang daan, at kung mayroon sa kanila ang isang daan na mga matiisin na mga matatag na mga '*Mujâhideen*' (nagpunyagi o nakipaglaban sa mga yaong kumakalaban sa Islâm nang alang-alang sa Allâh) ay matatalo nila ang isang libo na mga walang pananampalataya; dahil sa sila ay mga tao na walang kaalaman sa anumang inihanda ng Allâh sa mga nakikipaglaban alang-alang sa Kanya, samantalang sila ay nakipaglaban upang umangat dito sa kalupaan at upang maminsala.

66. Ngayon ay pinagaan ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang utos, O kayong mga mananampalataya dahil sa alam Niya na kayo ay mayroong kahinaan, na kung kaya, kung mayroon sa inyo na isang daan na mga matatag at matiisin ay matatalo nila ang dalawang daan mula sa mga walang pananampalataya, at kung mayroon

naman sa inyo na isang libo ay matatalo nila ang dalawang libo dahil sa kapahintulutan ng Allâh. At ang Allâh (ﷻ) ay kasama ng mga matatapat at mga matiisin sa pamamagitan ng Kanyang tulong at pagtaguyod.

67. Hindi maaari sa isang Propeta na magkaroon ng mga bihag mula sa kanyang mga kalaban at palayain ang mga ito sa pamamagitan ng pagpapatubos sa kanila, hangga't hindi siya nakapapatay ng marami mula sa kanyang mga kalaban; upang magkaroon ng takot ang kanilang mga puso at mapatatag ang haligi ng '*Deen*' ng Islâm, nais ba ninyo, O kayong mga Muslim, ng makamundong kaligayahan sa pamamagitan ng pagtanggap ninyo ng pantubos mula sa mga bihag sa Badr, subali't ang Allâh (ﷻ) ay nais Niyang mangibabaw ang Kanyang '*Deen*' upang marating ninyo ang buhay sa Kabilang-Buhay. At ang Allâh (ﷻ) ang '***`Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang batas.

68. Kung hindi lamang nauna na ang pagkatakda mula sa Allâh (ﷻ) at pagtatala ng kapahintulutan sa sambayanang ito sa pagkuha ng '*Ghânimah*' at pagpapatubos ng mga bihag, ay nangyari na sa inyo ang matinding kaparusahan dahil sa pagkuha ninyo ng '*Ghânimah*' at pagtanggap ng pantubos bago ipinahayag ang batas hinggil dito.

69. Na kung kaya, pakinabangan ninyo ang mga '***Ghanâim***' at mga ipinangtubos sa mga bihag dahil ito ay ipinahintulot sa inyo, at pangalagaan ninyo ang mga batas at mga aliituntunin ng '*Deen*' ng Allâh. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.



70. O Propeta! Sabihin mo sa sinuman na nabihag ninyo sa Labanan sa Badr: "*Huwag kayong mangamba sa pantubos na kinuha sa inyo*, *dahil batid ng Allâh* (ﷻ) *na kung mabuti ang inyong mga puso ay pagkakalooban kayo ng kabutihan na higit pa kaysa sa nakuha sa inyo*, *na ito ay bubuksan ang inyong mga kalooban para sa Islâm at patatawarin ang inyong mga pagkakasala. At ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Ghafour***' – *Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng Kanyang mga alipin kapag sila ay nagsisi*, *na* '***Raheem***' – *Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila*."

71. At kung nais ng mga pinalaya ninyo, O Muhammad (ﷺ), na mga bihag, na pagtaksilan kang muli ay huwag kang mawalan ng pag-asa dahil walang pag-aalinlangang pinagtaksilan na nila noon ang Allâh (ﷻ) at nakipaglaban sila sa iyo, subali't tinulungan ka ng Allâh (ﷻ) laban sa kanila. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa anumang niloloob ng sinuman, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa sa Kanyang mga alipin.

72. Katiyakan, ang mga yaong naniwala sa Allâh, sumunod sa Kanyang Sugo, nangibang-bayan tungo sa Tahanan ng Islâm at nakipaglaban sa Daan ng Allâh sa pamamagitan ng mga kayamanan at buhay (sarili), at ang mga yaong pinatuloy nila ang mga '*Muhâjireen*' sa kanilang mga tahanan at tinulungan sila sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan, at itinaguyod nila ang '*Deen*' ng Allâh, sila ang tunay na nakipagtulungan sa isa't isa.

Subali't ang mga yaong naniwala sa Allâh at hindi nangibang-bayan para iwan ang Tahanan ng '*Kufr*' (pagtanggi sa Allâh) ay hindi na kayo inuubliga na pangalagaan sila at tulungan hanggang sila ay mangibang-bayan, at kung nangyari sa kanila ang pang-aapi mula sa mga walang pananampalataya at hiniling nila ang tulong ninyo ay tugunan ninyo ang kanilang kahilingan, maliban lang kung ang magiging kalaban ninyo ay ang mga taong nakipagkasundo sa inyo nang matibay na kasunduan at hindi nila ito nilabag; at ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Ganap na

Nakakakita na Nababatid Niya ang inyong mga ginagawa at gagantihan Niya ang sinuman ayon sa kanyang layunin at gawain.

73. Ang mga yaong walang pananampalataya ay nagtutulungan sila sa isa't isa, at kung hindi kayo magtutulungan sa isa't isa, O kayong mga mananampalataya ay mangyayari ang malaking '*Fitnah*' (kasiraan) sa mga mananampalataya para layuan ang '*Deen*' ng Allâh at malaking kapinsalaan dahil sa pagpigil sa Daan ng Allâh at pagpapakatatag ng pundasyon ng walang pananampalataya.

74. At ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at iniwan nila ang kanilang bayan upang tumungo sa bayan ng Islâm at pamahalaan ng mga Muslim, at nagpunyagi o nakipaglaban sa mga kumakalaban sa Islâm nang alang-alang sa Allâh upang mangibabaw ang salita ng Allâh, at ang mga yaong tinulungan ang kanilang mga kapatid na nangibang-bayan na nagtungo sa kanila at pinatuloy nila sa kanila at tinulungan sa pamamagitan ng kayamanan at moral na pakikipagtulong, sila ang mga tunay na mga mananampalataya na para sa kanila ang kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at '***Rizqun Kareem***' – Masaganang Kabuhayan sa mga Hardin ng walang-hanggang kasiyahan sa '*Al-Jannah*.'

75. At ang mga yaong naniwala pagkatapos na nangyari ang pangingibang-bayan at pagtutulungan ng mga '*Muhâjiroun*' at '*Al-Ansâr*;' at sila ay nangibang-bayan at nakipaglaban sa Daan ng Allâh kasama ninyo, at sila ay kabilang sa inyo, O kayong mga mananampalataya, karapatan nila ang anuman na mayroon kayo at tungkulin nila ang anumang tungkulin ninyo, at ang mga magkakamag-anak ay higit na may karapatan sa isat isa sa pagmamana ayon sa batas ng Allâh higit sa sinumang mga Muslim.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay, na batid Niya ang anumang nakabubuti sa Kanyang alipin na katulad ng pagmamana ng mga magkakamag-anak sa isa't isa dahil sa kanilang relasyon sa dugo (magkakamag-anak) at hindi yaong pagmamana dahil sa sinumpaang pagkakapatiran, at ang iba pa na mga nangyari sa umpisa ng kanilang pagiging Muslim.

سورة التـــوبة 9

IX – Sûrat At-Tawbah

[**Kabanata At-Tawbah** – Ang Pagsisisi]



1. Ito ay paglulunsad mula sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo na pinawawalang-bisa na Niya ang ginawang kasunduan sa mga yaong nakipagkasunduan sa inyo na mga '*Mushrikin*,' O kayo na mga Muslim!

2. Na kung kaya, malaya kayong maglakbay, O kayong mga '*Mushrikûn*' sa kalupaan sa loob lamang ng apat na buwan na wala kayong pangangambahan na anumang panganib na magmumula sa mga mananampalataya, subali't dapat ninyong mabatid na walang pag-aalinlangang hindi kayo makaliligtas sa kaparusahan, at katiyakang ang Allâh (ﷻ) ay ipapahamak Niya ang mga walang pananampalataya at ipahihiya Niya rito sa daigdig, at Impiyernong-Apoy ang para sa kanila sa Kabilang-Buhay.

At ang '*Âyah*' na ito ay patungkol sa mga nagkaroon ng kasunduan na katulad nito na walang limitasyon o roon sa mga nakipagkasundo nang may palugit na hindi aabot ng apat na buwan ay bubuuin ito hanggang sa ito ay maging apat na buwan.

3. At ito ay deklarasyon o paglulunsad mula sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo bilang babala sa sangkatauhan sa dakilang araw ng pagsasakripisyo sa panahon ng '*Hajj*,' na ang Allâh (ﷻ) ay wala nang pananagutan sa mga '*Mushrikin*' at gayundin ang Kanyang Sugo – na ang ibig sabihin ay hindi na sila ligtas mula sa mga mananampalataya.

Subali't kapag kayo ay bumalik sa katotohanan, O kayong mga '*Mushrikûn*' at tinalikuran ninyo ang pagsamba ninyo ng iba bukod sa Allâh, ito ang pinakamabuti para sa inyo, at kapag tinanggihan ninyo ang katotohanan at hindi

kayo pumasok sa '*Deen*' ng Allâh ay dapat ninyong mabatid na kayo ay hindi makaliligtas sa parusa ng Allâh (ﷻ). Na kung kaya, balaan mo, O Muhammad (ﷺ), sila na mga tumanggi sa Islâm hinggil sa masidhing kaparusahan.

4. Maliban na lamang sa mga '*Mushrikûn*' na nakipagkasundo sa inyo nang may hangganan na kasunduan, at hindi nila sinira ang kasunduan, at hindi sila nakipagtulungan sa mga kalaban laban sa inyo, kaya buuin ninyo ang inyong mga kasunduan sa kanila hanggang sa ito ay matapos. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay minamahal Niya ang mga matatakutin (sa Kanya ﷻ), na isinagawa nila ang mga ipinag-uutos, na kung kaya, iwasan ninyo ang pagsasagawa ng '*Shirk*' at ang pagkakanulo (pagtatraydor) at iba pang kasalanan.

5. At kapag natapos na ang apat na buwan bilang palugit ninyo sa mga '*Mushrikîn*,' ay ideklara na ninyo ang pakikipaglaban laban sa mga kalaban ng Allâh, kahit saan man sila naroroon at magsitungo kayo upang lusubin ang kanilang kinalalagyan, at abangan (tambangan) ninyo sila sa kanilang mga daanan, at kapag sila ay nanumbalik at pumasok sa Islâm at sinunod nila ang batas nito, katulad ng pagsasagawa ng '*Salâh*,' at pagbibigay ng '*Zakâh*,' ay pabayaan na ninyo sila, dahil sila ay naging kabilang na sa inyong mga kapatid sa Islâm. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisisi at nagbabalik-loob, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

6. At kapag ang isa sa mga '*Mushrikîn*' na ipinahintulot sa inyo ang kanilang buhay at kayamanan (na ito ay patungkol sa inyong kalaban) ay humingi ng proteksiyon sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ay tanggapin (pangalagaan) ninyo ang kanyang kahilingan hanggang marinig niya ang turo at gabay ng Dakilang Qur'ân, pagkatapos ay ibalik ninyo siya sa kanyang pinanggalingan; upang magkaroon kayo ng katibayan na naiparating ninyo ang mensahe; dahil ang mga walang pananampalataya ay mangmang sa katotohanan hinggil sa Islâm, at maaaring piliin nila ang Islâm kapag naglaho ang kamangmangan.

كَيْفَ يَكُونُ لِلْمُشْرِكِينَ عَهْدٌ عِندَ اللَّهِ وَعِندَ
رَسُولِهِۦٓ إِلَّا ٱلَّذِينَ عَٰهَدتُّمْ عِندَ ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ ۖ فَمَا
ٱسْتَقَٰمُوا۟ لَكُمْ فَٱسْتَقِيمُوا۟ لَهُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلْمُتَّقِينَ
٧ كَيْفَ وَإِن يَظْهَرُوا۟ عَلَيْكُمْ لَا يَرْقُبُوا۟ فِيكُمْ إِلًّا
وَلَا ذِمَّةً ۚ يُرْضُونَكُم بِأَفْوَٰهِهِمْ وَتَأْبَىٰ قُلُوبُهُمْ وَأَكْثَرُهُمْ
فَٰسِقُونَ ٨ ٱشْتَرَوْا۟ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ ثَمَنًا قَلِيلًا فَصَدُّوا۟
عَن سَبِيلِهِۦٓ ۚ إِنَّهُمْ سَآءَ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ٩ لَا يَرْقُبُونَ
فِى مُؤْمِنٍ إِلًّا وَلَا ذِمَّةً ۚ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُعْتَدُونَ ١٠
فَإِن تَابُوا۟ وَأَقَامُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتَوُا۟ ٱلزَّكَوٰةَ فَإِخْوَٰنُكُمْ
فِى ٱلدِّينِ ۗ وَنُفَصِّلُ ٱلْـَٔايَٰتِ لِقَوْمٍ يَعْلَمُونَ ١١ وَإِن نَّكَثُوٓا۟
أَيْمَٰنَهُم مِّنۢ بَعْدِ عَهْدِهِمْ وَطَعَنُوا۟ فِى دِينِكُمْ فَقَٰتِلُوٓا۟
أَئِمَّةَ ٱلْكُفْرِ ۙ إِنَّهُمْ لَآ أَيْمَٰنَ لَهُمْ لَعَلَّهُمْ يَنتَهُونَ
١٢ أَلَا تُقَٰتِلُونَ قَوْمًا نَّكَثُوٓا۟ أَيْمَٰنَهُمْ وَهَمُّوا۟
بِإِخْرَاجِ ٱلرَّسُولِ وَهُم بَدَءُوكُمْ أَوَّلَ مَرَّةٍ ۚ
أَتَخْشَوْنَهُمْ ۚ فَٱللَّهُ أَحَقُّ أَن تَخْشَوْهُ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ١٣

7. Hindi maaari na ang mga ‘*Mushrikûn*’ ay magkaroon ng kasunduan sa Allâh at sa Kanyang Sugo, maliban lang sa mga yaong nakipagkasundo sa inyo sa lugar ng ‘*Masjid Al-Harâm*’ ng kasunduan sa ‘*Hudhaybiyyah*,’ na kung ang sinumang tutupad sa kanilang kasunduan sa inyo ay tuparin din ninyo sa kanila ang kasunduan bilang katumbas ng kanilang pagtupad sa kasunduan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay nagmamahal sa mga matatakutin na tumutupad sa kasunduan.

8. Katiyakan, ang ugali ng mga ‘*Mushrikin*’ ay tumutupad sila ng kasunduan kung sila ay nagapi, subali’t kapag naramdaman nila na mas higit na malakas sila kaysa sa mga mananampalataya ay wala silang pakialam kung ang kanilang kalaban ay kamag-anak nila o mga nakipagkasundo sa kanila, na kung kaya, huwag kayong magpadala sa kanilang mga magandang pakikitungo sa inyo habang sila ay natatakot sa inyo, dahil sila sa katunayan ay pawang mga salita lamang na lumalabas sa kanilang mga bibig upang masiyahan kayo sa kanila subali’t sa katunayan ay tumatanggi ang kanilang mga puso, at karamihan sa kanila ay naghimagsik laban sa Islâm at mga sumira sa kasunduan.

9. Ipinagpalit nila ang mga talata ng Allâh o mga katuruan ng Allâh sa maliit na halaga lamang na makamundo, na kung kaya, pinigilan nila ang sinumang nagnais na pumasok sa Islâm, kaya napakasama ng kanilang ginawa.

10. Katiyakan, ang mga ‘*Mushrikin*’ na iyan ay kalaban na tunay ng mga mananampalataya, na kung kaya, walang halaga sa kanila ang relasyon sa dugo at ginagawang kasunduan dahil sila ay lumalampas sa hangganan at nang-aapi.

11. Kung sila ay nagsisi at hindi na sila sumamba ng iba bukod sa Allâh at binigkas nila ang ‘*Shahâdah*’ at nagbigay sila ng ‘*Zakâh*’ at sinunod ang batas ng Islâm hinggil sa pagsasagawa ng ‘*Salâh*’ at pagbibigay ng ‘*Zakâh*,’ sila ay magiging kapatid ninyo sa Islâm. At ipinapahayag Namin ang mga talata at nililinaw Namin sa mga taong nakaiintindi na makikinabang nito.

12. Kapag nilabag ng mga '*Mushrikûn*' ang kasunduan nila sa inyo, at siniraan ang inyong '*Deen*' (o Relihiyon) nang lantaran, ay makipaglaban kayo sa kanila dahil sila na mga pinuno ng pagkaligaw ay walang halaga sa kanila ang kanilang sinumpaan na kasunduan upang itigil nila ang kanilang paglabag o pakikipaglaban sa Islâm.

13. Hindi ba nararapat na hindi kayo magdalawang-isip na makipaglaban sa mga taong sumira sa kanilang mga kasunduan sa inyo, at nagbalak na palayasin sa Makkah ang Sugo ng Allâh, at sila ang nag-umpisa ng pang-aapi sa inyo at pang-aatake sa inyo, natatakot ba kayo sa kanila o sa pakikipagharap sa kanila sa labanan? Subali't ang Allâh (ﷻ) ang nararapat ninyong katakutan kung kayo ay tunay na naniniwala.

14-15. O kayong mga mananampalataya, makipaglaban kayo sa mga kalaban ng Allâh dahil sila ay pinaparusahan ng Allâh sa pamamagitan ninyo, at hinahamak sa pamamagitan ng pagkatalo nila at tinutulungan kayo laban sa kanila, at pinangingibabaw Niya ang Kanyang salita at ginagamot (o pinapalubag) ang inyong mga kalooban sa pamamagitan ng pagkatalo nila at pinasaya kayo dahil sa matagal na ninyong kalungkutan dahil sa pang-aapi ng mga '*Mushrikin*,' at upang alisin ang galit sa kalooban ng mga mananampalataya. At sinuman ang magbalik-loob mula sa mga lumabag, walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay pinatatawad Niya ang sinuman na Kanyang nais. At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa sinumang tapat sa kanyang pagsisisi, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang panukala at paglikha at paglalagay ng batas para sa Kanyang mga alipin.

16. Mula sa panuntunan ng Allâh (ﷻ) ang pagsubok, na kung kaya, huwag ninyong isipin, O kayong mga mananampalataya, na kayo ay pababayaan ng Allâh (ﷻ) na hindi kayo susubukin; upang palitawin ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan nito ang tunay na nagpunyagi sa Kanyang Daan (o nakipaglaban sa mga kumakalaban sa Daan ng Allâh) nang taos-puso, at wala silang itinuring na '***Walîjah***' (kakampi, kaagapay) kundi ang Allâh (ﷻ), Kanyang Sugo at ang mga mananampalataya. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya at Nakikita ang lahat ng inyong mga ginagawa at batay doon kayo ay Kanyang gagantihan.

17. Hindi kinaugalian ng mga '*Mushrikîn*' na magtayo ng Tahanan ng (pagsamba sa) Allâh, samantalang sila ay lantaran sa kanilang paglabag sa Allâh at nagtuturing sila ng mga katambal sa Allâh na sinasamba nila. Sila na mga nagtatambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh ay walang saysay ang anuman na kanilang mabuting gawa sa Kabilang-Buhay, at ang kanilang patutunguhan ay Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan.

18. At walang sinuman ang nagpapanatili, nangangalaga, nagtatayo, nagtataguyod ng mga Tahanan ng (pagsamba sa) Allâh maliban sa mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kabilang-Buhay, at isinasagawa nila ang '*Salâh*' at nagbibigay sila ng '*Zakâh*,' at wala silang kinatatakutan na sinuman kundi ang Allâh (ﷻ), at sila ang tunay na pinatnubayan tungo sa katotohanan.

19. Itinuturing ba ninyo, na ang anuman na inyong ginagawa na pagpapainom ng mga nagsasagawa ng '*Hajj*' at pagtataguyod at pangangalaga ng '*Masjid Al-Harâm*' ay katulad ng naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kabilang-Buhay, at nakipaglaban o nagpunyagi sa Daan ng Allâh? Hindi maaaring magkaparehas ang mga katayuan ng mga mananampalataya at katayuan ng mga walang pananampalataya sa paningin ng Allâh (ﷻ); dahil katiyakang ang Allâh (ﷻ), hindi katanggap-tanggap sa Kanya ang anumang gawain ng walang pananampalataya. At ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya ginagabayan tungo sa mabuting gawain ang mga masasama na hinamak nila ang kanilang mga sarili dahil sa kanilang paglabag.

20. Yaong mga naniwala sa Allâh na iniwan nila ang lugar o bayan ng mga walang pananampalataya at nangibang-bayan tungo sa lugar o bayan ng Islâm, at isinakripisyo nila ang kanilang kayamanan at ang kanilang mga sarili sa pakikipagpunyagi sa Daan ng Allâh o nakipaglaban sila sa mga kumakalaban sa '*Deen*' ng Allâh nang taos-puso upang mangibabaw ang Salita ng Allâh, sila ang may dakilang gantimpala, at sila ang magtatagumpay ng pagmamahal ng Allâh (ﷻ).



21. Katiyakan, para sa mga mananampalataya na nangibang-bayan ang magandang balita mula sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng masaganang Awa mula sa Kanya na pagmamahal na walang poot pagkatapos nito, at ang kanilang patutunguhan ay mga hardin sa '*Al-Jannah*' at masaganang biyaya na walang-hanggan.

22. Mananatili sila roon magpa-sawalang-hanggan na patuloy na matatamasa ang kasiyahan, at yaon ay gantimpala dahil sa kanilang mga nagawang pagsunod at kabutihan sa buhay nila rito sa daigdig. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay nasa Kanya ang dakilang gantimpala ng sinumang naniwala at gumawa ng kabutihan sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal.

23. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, huwag ninyong ituring ang inyong mga kamag-anak, mga magulang, mga kapatid at iba pa na '*awliyâ*' (mga sasandalan na pagkakatiwalaan sa inyong mga sarili) na ibubunyag ninyo ang mga lihim ng mga Muslim at hihilingin ninyo ang kanilang payo hinggil sa mga gawain ninyo, hanggang sila ay nananatili sa di-paniniwala (o pagtanggi) sa Allâh at pakikipaglaban sa Islâm. At kung pinili sila na pagkakatiwalaan at pakamamahalin, ay walang pag-aalinlangang nalabag niya ang Allâh (ﷻ) at minali niya ang kanyang sarili ng matinding pagkakamali.

24. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga mananampalataya: "*Kung ang inyong mga ama*, *mga anak*, *mga kapatid*, *mga asawa at ang mga kamag-anak*; *at ang inyong mga kayamanan na naipon*, *ang negosyo na kinatatakutan ninyong malugi*, *ang inyong mga magagandang tahanan na itinayo ninyo*, *kung higit ang pagmamahal ninyo sa mga ito kaysa sa pagmamahal ninyo sa Allâh* (ﷻ), *sa Kanyang Sugo at sa pagkikipaglaban sa Daan ng Allâh*; *samakatuwid hintayin ninyo ang parusa ng Allâh*, *ang Kanyang pasiya sa inyo. At ang Allâh* (ﷻ) *ay hindi Niya ginagabayan ang sinumang lumalabag sa Kanyang kagustuhan.*"

25. Katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ay nagbaba ng tulong sa inyo sa maraming mga nangyaring labanan noong ginawa ninyo ang lahat ng kaparaanan ng inyong pagkapanalo at nagtiwala kayo sa Allâh (ﷻ).

Sa Labanan sa Hunayn, sinabi ninyo: "*Hindi na tayo mananalo ngayon kung dahil lamang sa maliit na bilang*, *na kung kaya*, *nasiyahan kayo na umaasa kayo sa inyong dami samantalang wala namang naging pakinabang ito sa inyo*, *at nang lumusob sa inyo ang inyong mga kalaban ay wala kayong natagpuan na mapagtataguan dito sa malawak na kalupaan*, *na kung kaya*, *tumakas kayo na mga talunan*."

26. Pagkatapos ay nagbaba ang Allâh (ﷻ) ng kapanatagan sa kalooban ng Kanyang Sugo at sa mga mananampalataya, kaya nanatili sila, at nagpadala Siya sa kanila na mga sundalong mga anghel na hindi nila nakikita, tinulungan sila laban sa kanilang mga kalaban at pinarusahan ng Allâh (ﷻ) ang mga walang pananampalataya, at ganoon magparusa ang Allâh (ﷻ) sa mga humaharang sa Daan patungo sa Kanyang '*Deen*,' na mga hindi naniwala sa Kanyang Sugo.



27. Pagkatapos, ang sinumang nagbalik-loob mula sa maling paniniwala pagkatapos ng pangyayari at pumasok sa Islâm, katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay tinatanggap Niya ang pagsisisi sa sinuman na Kanyang nais mula sa kanila at pinatatawad Niya ang kanyang kasalanan. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal.

28. O kayong mga mananam-palataya! Walang pag-aalinlangan, ang mga '*Mushrikûn*' ay '*Najas*' – marumi ang kanilang pananam-palataya dahil dinurumihan nila ang kadalisayan ng Allâh at ang bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya sa pamamagitan ng pagsamba ng iba o pagtatambal sa pagsamba sa Kanya (at dahil din sa marami ang hindi marumi sa pananaw ng mga walang pananampalataya na marumi sa Paningin ng Allâh), na kung kaya, huwag mo silang pahintulutan na makalapit sa '*Masjid Al Harâm*' pagkatapos ng taong ito na ikasiyam ng '*Hijrah*,' at kung natatakot kayo na maghirap sa pagpigil ng kanilang negosyo sa inyo, walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay pagyayamanin Niya kayo sa ibang kaparaanan, at sapat na sa inyo ang kagandahang-loob ng Allâh kapag ito ay Kanyang ninais, katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa inyong kalagayan, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa sa inyo.

29. O kayong mga Muslim, makipaglaban kayo sa (mga kumakalaban sa Allâh na) mga walang pananampalataya na hindi naniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay at Paghuhukom, at hindi iniiwasan ang anumang ipinagbabawal ng Allâh at ng Kanyang Sugo, at yaong hindi nila tinatanggap ang Tunay na '*Deen*' o Relihiyon na Al-Islâm na hindi nila sinusunod ang mga batas nito, na katulad ng mga nagtatangan ng mga naunang Kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano, hanggang sa sila ay magbabayad ng '*Jizyah*' na inyong itatalaga na pag-aatas para sa kanila, na ibibigay sa inyo bilang kanilang ganap na pagpapasailalim at pagpapasakop.

30. Walang pag-aalinlangan, nakagawa ng pagtatambal sa Allâh ang mga Hudyo, noong inangkin nila na si `Uzair (عليه السلام) ay anak ng Allâh, at gayundin ang mga Kristiyano, noong inangkin nila na si `Îsã (Hesus عليه السلام) ay anak ng Allâh, at ang pag-aangking ito ay inimbento nilang kasinungalingan mula sa kanilang mga sarili, at sila sa pamamagitan nito ay ginagaya nila ang mga sinasabi ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh na nauna sa kanila. Na isinumpa ng Allâh ang lahat ng mga sumasamba ng iba bukod sa Kanya dahil sa kung paano sila lumihis sa katotohanan tungo sa kamalian.

31. Itinuring ng mga Hudyo at mga Kristiyano ang kanilang mga Paham at ang mga Relihiyoso nila na mga Diyos na sinasamba at Panginoon, na nagpapanukala ng batas sa kanila at ito naman ay kanilang sinusunod, at tinatalikuran nila ang batas ng Allâh (ﷻ), at itinuring nila si `Îsã Al-Masih (Hesus ang Messiah عليه السلام) na anak ni Maryam (Maria) na '*ilâh*' (o diyos na sinasamba), na kung kaya, siya ay sinamba nila, gayong sa katotohanan ay inutusan silang lahat ng Allâh (ﷻ) ng paniniwala sa Kanyang Kaisahan at sumamba sa Bukod-Tanging '*Ilâh*' na walang iba kundi Siya, ang Allâh (ﷻ) – '*Lâ i-lâ-ha il-la Huwa*' (walang sinumang diyos na sinasamba o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya). Luwalhati sa Kanya, Siya ay Malaya sa anumang iniimbento ng mga nagtatambal o sumasamba ng iba at mga naligaw.


يُرِيدُونَ أَن يُطْفِـُٔوا۟ نُورَ ٱللَّهِ بِأَفْوَٰهِهِمْ وَيَأْبَى ٱللَّهُ إِلَّآ
أَن يُتِمَّ نُورَهُۥ وَلَوْ كَرِهَ ٱلْكَٰفِرُونَ ﴿٣٢﴾ هُوَ ٱلَّذِىٓ
أَرْسَلَ رَسُولَهُۥ بِٱلْهُدَىٰ وَدِينِ ٱلْحَقِّ لِيُظْهِرَهُۥ عَلَى ٱلدِّينِ
كُلِّهِۦ وَلَوْ كَرِهَ ٱلْمُشْرِكُونَ ﴿٣٣﴾ ۞ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ
ءَامَنُوٓا۟ إِنَّ كَثِيرًا مِّنَ ٱلْأَحْبَارِ وَٱلرُّهْبَانِ لَيَأْكُلُونَ
أَمْوَٰلَ ٱلنَّاسِ بِٱلْبَٰطِلِ وَيَصُدُّونَ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ
وَٱلَّذِينَ يَكْنِزُونَ ٱلذَّهَبَ وَٱلْفِضَّةَ وَلَا يُنفِقُونَهَا
فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ فَبَشِّرْهُم بِعَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٣٤﴾ يَوْمَ يُحْمَىٰ
عَلَيْهَا فِى نَارِ جَهَنَّمَ فَتُكْوَىٰ بِهَا جِبَاهُهُمْ وَجُنُوبُهُمْ
وَظُهُورُهُمْ ۖ هَٰذَا مَا كَنَزْتُمْ لِأَنفُسِكُمْ فَذُوقُوا۟ مَا كُنتُمْ
تَكْنِزُونَ ﴿٣٥﴾ إِنَّ عِدَّةَ ٱلشُّهُورِ عِندَ ٱللَّهِ ٱثْنَا عَشَرَ
شَهْرًا فِى كِتَٰبِ ٱللَّهِ يَوْمَ خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ
مِنْهَآ أَرْبَعَةٌ حُرُمٌ ۚ ذَٰلِكَ ٱلدِّينُ ٱلْقَيِّمُ ۚ فَلَا تَظْلِمُوا۟ فِيهِنَّ
أَنفُسَكُمْ ۚ وَقَٰتِلُوا۟ ٱلْمُشْرِكِينَ كَآفَّةً كَمَا
يُقَٰتِلُونَكُمْ كَآفَّةً ۚ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ مَعَ ٱلْمُتَّقِينَ ﴿٣٦﴾

32. Hinahangad ng mga walang pananampalataya sa kanilang pagtanggi upang patayin ang Liwanag ng Allâh na '*Deen Al-Islâm*' at pawalan ng saysay ang Kanyang mga katibayan at mga palatandaan sa Kanyang Kaisahan na dala-dala ni Muhammad (ﷺ), subali't hindi ito pahihintulutan ng Allâh (ﷻ) hanggang sa mabuo ang Kanyang '*Deen*,' – na ang ibig sabihin ay hanggang sa maipahayag ang buong Rebelasyon ng Dakilang Qur'ân – at lilitaw at mangingibabaw ang Kanyang Salita kahit ito ay kamuhian ng mga walang pananampalataya.

33. Siya ang nagpadala ng Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ) na dala-dala ang Kabanal-banalan na Qur'ân at '*Deen*' ng Islâm na Relihiyon ng Katotohanan, upang pangingibabawin Niya ito at mas magiging higit sa kataasan kaysa sa lahat ng mga relihiyon na gawa ng tao, kahit na ito ay kamuhian ng mga '*Mushrikin*' – nagtambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh.

34. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Walang pag-aalinlangang marami sa mga paham ng '*Ahlul Kitâb*' na mga Hudyo at mga Kristiyano, at mga relihiyoso nila, ang kumakamkam sa kayamanan ng mga tao nang hindi makatarungan, katulad ng suhol at iba pa; at pinipigilan nila ang mga tao na pumasok sa Islâm at hinaharangan nila ang Daan ng Allâh. At yaong mga nagtatago ng kanilang mga kayamanan na hindi nila ibinibigay ang '*Zakâh*' nito, at hindi nila inaalis mula rito ang anumang karapat-dapat na ipamahagi sa nangangailangan, ipamalita mo sa kanila ang masidhing kaparusahan.

35. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ilalagay ang mga pira-pirasong ginto at pilak sa Apoy ng Impiyerno, at kapag matindi na ang init nito ay itatatak (o ihihero) ito sa mga mukha ng mga nagmamay-ari nito, sa kanilang mga tagiliran at sa kanilang mga likuran, at sasabihin sa kanila bilang pag-alipusta sa kanila: "*Ito ang kayamanan na inyong kinamkam sa inyong mga sarili at ginamit ninyo sa pagkontrol sa karapatan ng Allâh*, *na kung kaya*, *lasapin ninyo ang masidhing parusa dahil sa kinagawian ninyong pangangamkam at pangunguntrol*."

36. Katiyakan, ang bilang ng mga buwan sa batas ng Allâh (ﷻ) at sa nakatala sa '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*' ay labingdalawang buwan, mula sa araw na nilikha ang mga kalangitan at ang kalupaan, at kabilang dito ang apat na Sagradong buwan na ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) ang pakikipaglaban, ito ay: '*Dhul Qa`dah*,' '*Dhul Hijjah*,' '*Muharram*' at saka '*Rajab.*'

At ito ang Matuwid na '*Deen*' (o Relihiyon), na kung kaya, huwag maliin ang inyong mga sarili; na kayo ay makagawa ng mga kasalanan sa buwan na ito dahil mas matindi ang parusa sa mga kasalanan na nagagawa sa mga panahon na ito. At ang pagbabawal ng pang-aapi o pagsasagawa ng kasamaan sa mga panahong ito dahil sa matinding pinsala ang idinudulot nito sa tao ay hindi nangangahulugan na ipinahintulot ang pagsagawa nito sa ibang panahon.

At makipaglaban kayo sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, sa kanilang lahat-lahat, na katulad ng pakikipaglaban nilang lahat sa inyo, at dapat ninyong mabatid na ang Allâh (ﷻ) ay kasama Niya ang mga may takot sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang pagtulong at pagtaguyod.



37. Katiyakan, ang mga Arabo noong kapanahunan ng kamang-mangan, ang ginagawa nilang pagbabawal sa apat na mga sagradong buwan sa loob ng isang taon ay apat, na sila ang pumipili at nagtatakda, na ang mga yaon ay hindi batay sa mga itinakda ng Allâh na mga pangalan, kaya ipinagpapaliban nila ang iba o di kaya ay inuusad naman ang iba, na pinaglilipat-lipat nila ayon sa kanilang pangangailangan sa pakikipaglaban, kaya katiyakang ito ay karagdagang paglabag sa Allâh, na inililigaw ni '*Shaytân*' sa pamamagitan nito ang mga walang pananampalataya, kaya ipahi-hintulot nila na makipaglaban kapag inantala nila ang apat na buwan na ito sa unang taon, at ipagbabawal naman nila ang mga ito sa kasunod na taon; upang maitugma nila ang apat na buwan, at ipahihintulot nila ang anumang ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) sa mga buwang ito. Pinaganda sa kanila ni '*Shaytân*' ang mga masasamang gawain. Ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya ginagabayan ang mga walang pananampalataya tungo sa katotohanan

38. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Ano ang nangyari sa inyo (bakit ganito ang inyong reaksyon) kapag sinabi sa inyo; na kayo ay magsitungo sa pakikipaglaban sa Daan ng Allâh upang makipaglaban sa inyong mga kaaway, ay bakit kayo nagtatamad-tamaran at nananatili sa inyong mga tahanan? Higit na gusto ba ninyo ang makamundong buhay kaysa kasiyahan sa Kabilang-Buhay? At anuman ang inyong pagsasaya rito sa daigdig ay napakaliit na bagay lamang na may katapusan, subali't ang kasiyahan sa Kabilang-Buhay na inihanda ng Allâh (ﷻ) sa mga mananampalataya na nakipaglaban, ang higit na dakila sa pagiging biyaya na walang-hanggan.

39. Kung kayo ay hindi magsisitungo, O kayong mga mananampalataya, upang makipaglaban ay ibababa ng Allâh (ﷻ) ang parusa laban sa inyo, at sasanhiin Niya na magpalitaw ng ibang mga tao na makikipaglaban kapag sila ay inutusan, at susunod sila sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, at kailanman ay hindi ninyo mapipinsala ang Allâh sa inyong pagtalikod sa pakikipaglaban, dahil Siya ay hindi

nangangailangan sa inyo at kayo naman ay nangangailangan sa Kanya. At anuman ang nais ng Allâh (ﷻ) ay Siyang tiyak na magaganap.

At ang Allâh (ﷻ) ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay sa pagtaguyod ng Kanyang '*Deen*' at pagtulong sa Kanyang Propeta kahit kayo ay wala.

40. O kayong mga kasamahan ng Sugo ng Allâh, kung hindi kayo tutungo sa pakikipaglaban kasama siya, kapag kayo ay inutusan, at kung hindi kayo tutulong sa kanya, walang pag-aalinlangang siya ay pinangalagaan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang tinulungan sa araw na pinalayas siya sa kanyang bayan ng Makkah ng mga walang pananampalataya na mga Quraysh, siya at si Abu Bakr, sila ay nagtago roon sa kuweba sa malaking bundok, at noong sinabi niya sa kanyang kasama na si Abu Bakr, noong napuna (o nakita) niya na ito ay natatakot: "*Huwag kang mangamba*, *dahil ang Allâh* (ﷻ) *ay katiyakang kasama natin sa Kanyang pagtaguyod at pangangalaga*."

Na kung kaya, ibinaba ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanya ang kapanatagan sa puso ng Sugo ng Allâh at Kanyang tinulungan sa pamamagitan ng mga sundalo Niyang mga anghel na walang sinumang tao ang nakakakita at Kanyang iniligtas mula sa kanyang kalaban, at ipinahamak ng Allâh (ﷻ) ang kanyang mga kalaban at Kanyang inaba (hinamak) ang salita ng mga walang pananampalataya. At pangingibabawin Niya ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng pangingibabaw ng Islâm. At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang kaharian, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa sa Kanyang mga alipin.

At sa '*Âyah*' na ito ang dakilang katangian para kay Abu Bakr (ﷺ).

41. Magsitungo kayo, O kayong mga mananampalataya upang makipaglaban tungo sa Daan ng Allâh, mga kabataan, mga matatanda, sa kahirapan man at kaginhawahan at sa anumang katayuan ninyo, at gastahin ninyo ang inyong mga kayamanan sa Daan ng Allâh, at makipaglaban kayo sa mga kumakalaban sa '*Deen*' ng Allâh sa pamamagitan ng inyong mga kamay upang mangibabaw ang Salita ng Allâh, itong pagtungo ninyo at paggasta ninyo ay lalong nakabubuti kaysa sa inyong pagtatamad-tamaran, pagkontrol ng kayamanan (pagpigil), at ang inyong pagpapaiwan at di-pagsama, kung kayo ay kabilang sa mga may kaalaman hinggil sa kagandahan ng '*Jihâd*' at ang gantimpala nito sa Allâh (ﷻ), ay gawin ninyo.

42. Ipinahiya ng Allâh (ﷻ) ang grupo ng mga '*Munâfiqin*' (mapagkunwari) noong humingi sila ng pahintulot sa Sugo ng Allâh upang magpaiwan at hindi sumama sa Labanan sa Tabuk, na Kanyang sinabi na kung ang kanilang pupuntahan ay malapit at madaling mapakinabangan ang '*ghanimah*' ay susunod sila sa iyo, subali't noong sila ay inanyayahan na makipaglaban sa mga Romano na nasa duluhan ng Sham sa Syria at sa panahon ng tag-init ay umatras sila, at hindi sila sumama, at tiyak na sila ay mangangatwiran kung bakit hindi sila sumama, na sumusumpa sila na sila ay talagang walang kakayahan, kaya, ipinahamak nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsisinungaling at pagkukunwari, subali't ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakaaalam sa katotohanan na sila ay mga sinungaling sa anuman na kanilang mga ikinakatwiran.

43. Pinatawad ka ng Allâh (ﷻ), O Muhammad (ﷺ), sa anumang nangyari sa iyo na hindi mo ginawa ang mas lalong nararapat dahil sa pagpapahintulot mo na manatili ang mga mapagkunwari at hindi sumama sa pakikipaglaban, ano ba ang dahilan kung bakit mo sila pinahintulutan na hindi sumama sa labanan? Ito ba ay para mapatunayan mo kung sila nga ay totoo sa kanilang pangangatwiran at malaman mo ang kanilang mga kasinungalingan?

44. Hindi ugali ng mga naniwala sa Allâh, sa Kanyang Sugo at sa Kabilang-Buhay, na humingi ng iyong pahintulot para hindi sumama sa '*Jihâd*' sa Daan ng Allâh, sa pamamagitan ng kanilang buhay at kayamanan, kundi ito ay ugali ng mga '*Munâfiqin* ' (mapagkunwari), at ang Allâh (ﷻ) ang Siyang ''***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam kung sinuman ang tunay na natatakot sa Kanya (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsasagawa sa mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga ipinagbabawal.

45. Ang humihingi lamang ng pahintulot upang hindi sumama sa pakikipaglaban ay ang mga yaong hindi naniwala sa Allâh at sa Kabilang-Buhay at hindi gumagawa ng kabutihan, at nagdududa ang kanilang mga puso hinggil sa katotohanan na dala-dala mo, O Muhammad (ﷺ), na ito ay ang Islâm at ang Batas nito, kaya sila sa kanilang pag-aalinlangan ay gulung-gulo ang kanilang mga kaisipan.

46. At kung ninais lamang ng mga '*Munâfiqin*' na lumabas tungo sa '*Jihâd*' na pakikipaglaban na kasama ka nila, O Muhammad (ﷺ), ay naghahanda na sila ng kanilang babaunin at pangangailangan, na katulad ng mga baon at mga sasakyan, subali't ayaw ng Allâh (ﷻ) na sila ay lumabas patungo roon, kaya itinakda Niya na magiging mabigat sa kanilang kalooban na sila ay umalis, samantalang ang gawaing ito ay ipinag-utos sa kanila, na kung kaya, sinabi sa kanila: "*Manatili na lamang kayo sa inyong mga tahanan*, *kasama ng mga nanatili na mga may sakit*, *mga mahihina*, *mga kababaihan at mga kabataan.*"

47. Kahit lumabas pa sila na kasama ninyo, O kayong mga mananampalataya upang magpunyagi sa Daan ng Allâh o makipaglaban sa mga kaaway ng Islâm ay walang silang maidaragdag kundi mga kaguluhan sa inyong samahan at pagkahamak, at magmadali sila na magkalat ng mga paninira sa pagitan ninyo at pagkakaroon ng alitan sa isa't isa, kaya nais nila na kayo ay ipahamak sa pamamagitan ng kanilang pagpanatili na hindi pagsama sa pakikipaglaban sa Daan ng Allâh, at kasama ninyo, O kayong mga mananampalataya, ang ilan sa mga mapagkunwari na nagmamanman para sa kanila, upang iparating sa grupo nila ang mga pangyayari sa inyo. At ang Allâh (ﷻ) ang ''***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam ng mga '*Munâfiq*' (mapagkunwari) at mga masasama, at sila ay papagbabayarin ayon dito.



48. Katiyakan, ninais ng mga ‘*Munâfiqun*’ na siraan ang mga mananampalataya sa kanilang ‘*Deen*’ at pigilin sila upang ilayo sa Daan ng Allâh noong Labanan sa Tabuk, at lumitaw ang kanilang pakana, at nagpakana sila ng mga bagay-bagay upang masira ang dala-dala mong Islâm, na katulad ng ginawa nila sa Labanan sa `Uhud at sa Al-Khandaq, at patuloy ang kanilang mga pakana hanggang dumating ang tulong mula sa Allâh (ﷻ), at pinangibabaw Niya ang Kanyang sundalo at itinaguyod Niya ang Kanyang ‘*Deen*,’ kahit na ito ay kamuhian pa ng mga ‘*Munâfiqun*’ o mapagkunwari.

49. At mayroon sa mga ‘*Munâfiqin*’ ang hihingi ng pahintulot na di muna sila sasama sa pakikipaglaban sa mga kumakalaban sa Allâh at kanyang sasabihin: “*Huwag mo akong ilagay sa mga pagsubok*, *na katulad ng maaaring makapaglihis sa akin na mga kababaihan mula sa mga kalaban kapag nakita ko sila at kayamanan kung ako ay sasama sa pakikipaglaban*.” Walang pag-aalinlangang sila ay nahulog sa malaking pagkasira na ito ay pagkukunwari. At katiyakang Impiyernong-Apoy ang nakapalibot sa mga hindi naniwala sa Allâh, at sa Kabilang-Buhay ay walang sinuman sa kanila ang makaliligtas.

50. Kung maganap sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang kabutihan na ikinatuwa ninyo at pagkakaroon ng ‘*ghanimah*’ ay nalulungkot naman ang mga ‘*Munafiqun*,’ at kapag nangyari naman sa iyo ang hindi kanais-nais na pagkatalo o kahirapan ay sasabihin nila: “*Pinaplano muna namin ang isang bagay bago namin ito gagawin*, *na kung kaya*, *nailigtas namin ang aming mga sarili dahil sa hindi kami sumama kay Muhammad*,” at sila ay aalis (tatalikod) na nagagalak dahil sa kanilang ginawa at dahil sa masamang nangyari sa iyo.

51. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na hindi sumama sa pakikipaglaban sa mga kumakalaban sa Allâh bilang pagpapawalang-halaga sa kanila at pagpapahiya: “*Kailanman ay walang maaaring mangyari sa amin maliban na lamang sa kung ano ang itinakda ng Allâh* (ﷻ) *sa amin at itinala Niya sa* ‘*Al-Lawh Al-Mahfoudh*,’ *na Siya ang tutulong sa amin laban sa aming mga kalaban*,

at sa Kanya lamang na bukod-tangi, *ipinauubaya ng mga mananampalataya ang kanilang mga sarili.*"

52. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Naghihintay ba kayo sa amin ng anuman maliban sa isa sa dalawa*, *kami ay mamatay nang alang-alang sa Allâh o di kaya ay magwagi kami laban sa inyo? Samantalang nag-aabang kami na puksain kayo ng Allâh* (ﷻ) *nang daglian na parusa mula sa Kanya o di kaya ay sa pamamagitan ng pagpatay namin sa inyo*, *na kung kaya*, *mag-abang kayo*, *dahil kami rin ay nag-aabang kasama ninyo*, *kung ano ang gagawin ng Allâh sa amin o sa inyo.*"

53. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga '*Munâfiqin*:' "*Gastahin na ninyo ang anumang inyong nais mula sa inyong mga kayamanan*, *dahil gustuhin man ninyo ito o hindi*, *ay hindi pa rin tatanggapin ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo ang anuman na inyong ginasta*; *dahil kayo ay mga lumabag sa Kanyang kagustuhan at lumabas sa Kanyang* '*Deen*.'"

54. At ang naging dahilan kung bakit hindi tinatanggap sa kanila ang kanilang mga ginasta dahil sa ang kinikimkim nila sa kanilang mga kalooban ay paglabag sa Allâh (ﷻ) at pagpasinungaling sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ).

At hindi sila nagsasagawa ng '*Salâh*' kundi nang may katamaran at hindi sila gumagasta kundi sapilitan lamang dahil hindi nila hinahangad ang gantimpala ng Allâh (ﷻ) sa mga ipinag-utos na ito at hindi rin sila natatakot sa Kanyang parusa dahil hindi naman talaga sila naniniwala sa Allâh (ﷻ).


فَلَا تُعۡجِبۡكَ أَمۡوَٰلُهُمۡ وَلَآ أَوۡلَٰدُهُمۡۚ إِنَّمَا يُرِيدُ ٱللَّهُ لِيُعَذِّبَهُم
بِهَا فِي ٱلۡحَيَوٰةِ ٱلدُّنۡيَا وَتَزۡهَقَ أَنفُسُهُمۡ وَهُمۡ كَٰفِرُونَ ٥٥
وَيَحۡلِفُونَ بِٱللَّهِ إِنَّهُمۡ لَمِنكُمۡ وَمَا هُم مِّنكُمۡ وَلَٰكِنَّهُمۡ
قَوۡمٞ يَفۡرَقُونَ ٥٦ لَوۡ يَجِدُونَ مَلۡجَـًٔا أَوۡ مَغَٰرَٰتٍ
أَوۡ مُدَّخَلٗا لَّوَلَّوۡاْ إِلَيۡهِ وَهُمۡ يَجۡمَحُونَ ٥٧ وَمِنۡهُم مَّن يَلۡمِزُكَ
فِي ٱلصَّدَقَٰتِ فَإِنۡ أُعۡطُواْ مِنۡهَا رَضُواْ وَإِن لَّمۡ يُعۡطَوۡاْ مِنۡهَآ إِذَا
هُمۡ يَسۡخَطُونَ ٥٨ وَلَوۡ أَنَّهُمۡ رَضُواْ مَآ ءَاتَىٰهُمُ ٱللَّهُ
وَرَسُولُهُۥ وَقَالُواْ حَسۡبُنَا ٱللَّهُ سَيُؤۡتِينَا ٱللَّهُ مِن فَضۡلِهِۦ
وَرَسُولُهُۥٓ إِنَّآ إِلَى ٱللَّهِ رَٰغِبُونَ ٥٩ ۞ إِنَّمَا ٱلصَّدَقَٰتُ
لِلۡفُقَرَآءِ وَٱلۡمَسَٰكِينِ وَٱلۡعَٰمِلِينَ عَلَيۡهَا وَٱلۡمُؤَلَّفَةِ قُلُوبُهُمۡ
وَفِي ٱلرِّقَابِ وَٱلۡغَٰرِمِينَ وَفِي سَبِيلِ ٱللَّهِ وَٱبۡنِ ٱلسَّبِيلِۖ
فَرِيضَةٗ مِّنَ ٱللَّهِۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٞ ٦٠ وَمِنۡهُمُ
ٱلَّذِينَ يُؤۡذُونَ ٱلنَّبِيَّ وَيَقُولُونَ هُوَ أُذُنٞۚ قُلۡ أُذُنُ خَيۡرٖ
لَّكُمۡ يُؤۡمِنُ بِٱللَّهِ وَيُؤۡمِنُ لِلۡمُؤۡمِنِينَ وَرَحۡمَةٞ لِّلَّذِينَ
ءَامَنُواْ مِنكُمۡۚ وَٱلَّذِينَ يُؤۡذُونَ رَسُولَ ٱللَّهِ لَهُمۡ عَذَابٌ أَلِيمٞ ٦١

55. Na kung kaya, huwag kang mamangha, O Muhammad (ﷺ), sa kayamanan ng mga '*Munâfiqin*' at sa kanilang mga anak; dahil ang nais lamang ng Allâh (ﷻ) ay parusahan sila rito sa daigdig sa pamamagitan ng kanilang pagsusumikap na makamtan ang mga ito at sa mga sakuna na nangyari rito (na ang ibig sabihin ay ang nangyari sa kanilang mga kayamanan at pamilya), dahil sa katunayan ay hindi naman sila umaasa ng gantimpala mula sa Allâh (ﷻ) sa mga ganoong pangyayari, at sila ay mananatili na ganito at mamamatay na walang pananampalataya sa Allâh at sa Kanyang Sugo.

56. Sumusumpa sila sa Allâh (ﷻ), na mga '*Munâfiqûn*' ng kasinungalingan na sinasabi nila sa inyo na mga mananampalataya na sila ay kabilang sa inyo, subali't hindi sila kabilang sa inyo, kundi sila ang mga taong duwag, kaya ang kanilang panunumpa ay para mapangalagaan lamang nila ang kanilang mga sarili laban sa inyo.

57. Na kung kaya, kung may matatagpuan lang silang ligtas na lugar na mapapangalagaan sila o di kaya ay kuweba sa bundok na pagtataguan nila, o di kaya ay '*tunnel*' o lagusan sa ilalim ng kalupaan na para mailigtas nila ang kanilang mga sarili mula sa inyo, ay tiyak na sila ay tutungo roon nang mabilisan.

58. At mayroon sa mga mapagkunwari na sinisiraan ka sa pamamahagi mo ng kawanggawa ('*sadaqah*'), subali't kapag binahaginan mo sila ay titigil sila sa kanilang pagsasalita, subali't kapag wala silang bahagi (o parte) ay kamumuhian ka nila at aakusahan.

59. At kung sila na nag-akusa sa iyo sa pamamahagi mo ng kawanggawa ay nakuntento lamang sa anumang ibinigay ng Allâh (ﷻ) sa kanila at ng Kanyang Sugo, at kanilang sinabi: "*Sapat na sa amin ang Allâh* (ﷻ), *na walang pag-aalinlangang pagkakalooban kami ng Allâh* (ﷻ) *mula sa Kanyang kagandahang-loob*, *at gayundin ng Kanyang Sugo mula sa ipinagkaloob ng Allâh* (ﷻ) *sa kanya*, *at kami sa katotohanan ay naghahangad na paluwagin ng Allâh sa aming*

pamumuhay, *at upang hindi na namin kakailanganin pa ang kawanggawa o kabahagi sa mga kawanggawa na ibinibigay sa mga tao*." Kung ganito ang gagawin nila ay higit na makakabuti sa kanila.

60. Katiyakang ipinagkakaloob lamang ang '*Zakâh*' na obligadong kawanggawa para sa mga nangangailangan na mahihirap na talagang walang-wala ('*fuqara*'), at sa mga mahihirap na hindi sapat ang anumang mayroon sa kanila sa kanilang pangangailangan ('*masâkin*'), at doon sa mga inatasan para mangolekta ng '*zakah*,' at para sa mga hinihikayat ninyo ang kanilang mga puso: na tulad ng inaasahan na maging Muslim o pinatitibay ang kanyang pananalig o di kaya ay inaasahan na magiging kapaki-pakinabang sa mga Muslim, o di kaya ay mailayo siya sa masamang balakin laban sa mga Muslim;

At ibinibigay din ito sa taong tinutubos niya ang kanyang pagkaalipin o pinapalaya niya ang kanyang sarili.

At sa mga nabaon sa pagkakautang: dahil sa nalugi ang kanilang negosyo o di kaya ay dahil sa paggagarantiya niya sa utang ng iba sapagka't hindi nito nabayaran ang inutang nito, o di kaya ay sa mga taong nabaon sa utang na hindi naman dahil sa kanyang kagagawan o pamiminsala, o sa masamang gawain o hindi sa kanyang pagiging bulagsak.

At binibigyan din ng '*Zakâh*' ang mga nagpupunyagi o nakikipaglaban sa Daan ng ○○Allâh, at sa mga gawain na para sa kapakanan ng Islâm na katulad ng pagpapalaganap nito at iba pa.

At para sa manlalakbay na na-'*estranded*' o natigil sa isang lugar, na naubusan siya ng panggastos o baon.

Ang pamamahaging ito ay obligasyon na ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) at Siya ang nagtakda nito. At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***'– Ganap na Nakaaalam kung ano ang makabubuti sa Kanyang alipin, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang Pangangasiwa at sa Kanyang batas.

61. At mayroon sa mga mapagkunwari, ang mga tao na pinagsasabihin ang Propeta na Sugo ng Allâh ng mga masasakit na salita, na kanilang sinasabi: "*Siya sa katotohanan ay pinaniniwalaan niya kung anuman ang mga salita na kanyang naririnig*," sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakang si Muhammad ay nakikinig*, *subali't ang kanyang pinakikinggan lamang ay panay kabutihan*, *naniniwala siya sa Allâh* (ﷻ) *at pinaniniwalaan niya ang mga mananampalataya sa anuman na kanilang sinasabi*, *at siya ay habag sa sinumang sumunod sa kanya at sa kanyang patnubay*," subali't ang mga yaong sinisiraan ang Propeta (ﷺ) sa anumang kaparaanan na pananakit ay masidhing kaparusahan ang para sa kanila.



62. Sumusumpa ang mga mapag-kunwari ng kasinungalingan, at nangangatwiran ng mga baluktot na katwiran upang masiyahan sa kanila ang mga mananampalataya, subali't ang Allâh (ﷻ) at ang Kanyang Sugo ay mas may karapatan na pasayahin nila sa pamamagitan ng paniniwala nila sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at sa kanilang pagsunod kung sila ay tunay na mananampalataya.

63. Hindi ba batid ng mga mapagkunwari na yaon, na ang patutunguhan ng sinumang kumakalaban sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo ay Impiyernong-Apoy, na ang para sa kanila ay walang-hanggang parusa roon, at ito ang matinding pagpapahamak, at kabilang sa pakikipaglaban sa Allâh at sa Kanyang Sugo ay ang paninira sa Sugo ng Allâh sa pamamagitan ng pag-aalipusta at paninira (pangalagaan nawa tayo ng Allâh ﷻ sa mga ganitong gawain).

64. Nangangamba ang mga mapagkunwari na may ipapahayag na kabanata ang Dakilang Qur'an na patungkol sa kanila na nagsasaad ng anumang kinikimkim nila sa kanilang mga puso na paglabag sa Allâh (ﷻ), sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ipagpatuloy ninyo ang anumang ginagawa ninyong pag-aalipusta at paninira*, *dahil katiyakang ilalantad ng Allâh ang katotohanan na kinatatakutan ninyo*."

65. At kapag tinanong mo sila, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang paninira na sinasabi nila laban sa iyo, at sa iyong mga '*Sahabah*,' tiyak na sasabihin nila: "*Katotohanan*, *ang pinag-uusapan lamang namin ay mga bagay na wala sa aming kalooban ang manira* (*na ito ay sa salita lamang*) *at pagbibiruan*," sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*At sa Allâh* (ﷻ) *ba at sa Kanyang mga talata at sa Kanyang Sugo ang inyong pag-aalipusta?* "

66. Huwag na kayong mangatwiran, O kayong mga mapagkunwari, dahil walang kahalagahan ang inyong pangangatwiran, dahil katiyakang, nilabag ninyo ang Allâh sa inyong mga sinasabing pag-aalipusta sa Kanya, kung patawarin Namin ang ilan sa inyo na taos-puso na humihingi ng kapatawaran at nagsisisi, ay

paparusahan din Namin ang iba dahil sa kanilang sukdulang kasamaan bilang pagtanggi sa pamamagitan ng ganitong mga masasamang salita.

67. Ang mga mapagkunwari na mga kalalakihan at mga kababaihan ay pare-pareho lamang sila sa kanilang paglantad ng paniniwala at pagkimkim ng pagtanggi sa Allâh, ipinag-uutos nila ang pagtanggi sa Allâh at paglabag sa Kanyang Sugo at ipinagbabawal nila ang paniniwala at pagsunod, at nakasara ang kanilang mga kamay bilang pagtanggi sa paggasta sa Daan ng Allâh, na kinalimutan nila ang Allâh (ﷻ), kaya hindi na nila pinupuri, na kung kaya, kinalimutan din sila ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagkakait sa kanila ng Kanyang Awa, na kung kaya, hindi na sila ginabayan tungo sa kabutihan. Katotohanan, ang mga mapagkunwari ay naghimagsik at lumabag sa paniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo.

68. Pinangakuan ng Allâh (ﷻ) ang mga mapagkunwari na mga kalalakihan at mga kababaihan at ang mga walang pananampalataya, na katiyakang ang kanilang patutunguhan ay Impiyernong-Apoy na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, at ito ay sapat na para sa kanila; bilang parusa sa kanilang pagtanggi sa Allâh at bilang pagsumpa ng Allâh (ﷻ) sa kanila, at ang para sa kanila ay walang katapusang parusa.

كَٱلَّذِينَ مِن قَبۡلِكُمۡ كَانُوٓاْ أَشَدَّ مِنكُمۡ قُوَّةٗ وَأَكۡثَرَ
أَمۡوَٰلٗا وَأَوۡلَٰدٗا فَٱسۡتَمۡتَعُواْ بِخَلَٰقِهِمۡ فَٱسۡتَمۡتَعۡتُم بِخَلَٰقِكُمۡ
كَمَا ٱسۡتَمۡتَعَ ٱلَّذِينَ مِن قَبۡلِكُم بِخَلَٰقِهِمۡ وَخُضۡتُمۡ
كَٱلَّذِي خَاضُوٓاْ أُوْلَٰٓئِكَ حَبِطَتۡ أَعۡمَٰلُهُمۡ فِي ٱلدُّنۡيَا
وَٱلۡأٓخِرَةِۖ وَأُوْلَٰٓئِكَ هُمُ ٱلۡخَٰسِرُونَ ٦٩ أَلَمۡ يَأۡتِهِمۡ
نَبَأُ ٱلَّذِينَ مِن قَبۡلِهِمۡ قَوۡمِ نُوحٖ وَعَادٖ وَثَمُودَ وَقَوۡمِ
إِبۡرَٰهِيمَ وَأَصۡحَٰبِ مَدۡيَنَ وَٱلۡمُؤۡتَفِكَٰتِۚ أَتَتۡهُمۡ
رُسُلُهُم بِٱلۡبَيِّنَٰتِۖ فَمَا كَانَ ٱللَّهُ لِيَظۡلِمَهُمۡ وَلَٰكِن
كَانُوٓاْ أَنفُسَهُمۡ يَظۡلِمُونَ ٧٠ وَٱلۡمُؤۡمِنُونَ وَٱلۡمُؤۡمِنَٰتُ بَعۡضُهُمۡ
أَوۡلِيَآءُ بَعۡضٖۚ يَأۡمُرُونَ بِٱلۡمَعۡرُوفِ وَيَنۡهَوۡنَ عَنِ ٱلۡمُنكَرِ
وَيُقِيمُونَ ٱلصَّلَوٰةَ وَيُؤۡتُونَ ٱلزَّكَوٰةَ وَيُطِيعُونَ ٱللَّهَ
وَرَسُولَهُۥٓۚ أُوْلَٰٓئِكَ سَيَرۡحَمُهُمُ ٱللَّهُۗ إِنَّ ٱللَّهَ عَزِيزٌ حَكِيمٞ ٧١
وَعَدَ ٱللَّهُ ٱلۡمُؤۡمِنِينَ وَٱلۡمُؤۡمِنَٰتِ جَنَّٰتٖ تَجۡرِي مِن تَحۡتِهَا
ٱلۡأَنۡهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا وَمَسَٰكِنَ طَيِّبَةٗ فِي جَنَّٰتِ عَدۡنٖۚ
وَرِضۡوَٰنٞ مِّنَ ٱللَّهِ أَكۡبَرُۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلۡفَوۡزُ ٱلۡعَظِيمُ ٧٢

69. Katiyakan, ang mga gawain ninyo, O kayong mga mapag-kunwari, na mga pag-aalipusta at pagtanggi sa Allâh ay katulad din ng mga taong nauna sa inyo, na sila ay pinagkalooban ng lakas, kayamanan, mga anak, na mas higit kaysa sa inyo, at sila ay nagpaka-tamasa sa makamundong buhay at nagpakasaya sa anumang kapaki-nabangan at nagpakasarap.

Na kung kaya, magpakasaya na rin kayo, O kayong mga mapagkunwari sa anumang parte o bahagi ninyo na kaligayahang may hangganan, na katulad din ng pagpapakasaya ng mga nauna sa inyo sa kanilang kasiyahan na may hangganan, at magpakahumaling kayo sa pagsi-sinungaling laban sa Allâh na katulad din ng pagpakahumaling ng mga nauna sa inyo, at sila sa ganito na kanilang pag-uugali ay nawalan ng saysay ang kanilang kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at sila ang mga talunan dahil sa pagpapalit nila ng kasiyahan sa Kabilang-Buhay ng kasiyahan sa daigdig.

70. Hindi ba dumating sa kanila, na mga mapagkunwari ang kuwento hinggil sa mga naunang tao na katulad ng sambayanan ni Propeta Nûh (Noah ﷺ), at mga angkan ni `Âd, at mga angkan ni Thamoud, at saka sambayanan ni Propeta Ibrâhim (ﷺ), at saka yaong mga taga-Madyan at saka yaong mga sambayanan ni Propeta Lût (ﷺ), nang dumating sa kanila ang mga Sugo, na dala-dala nila ang Rebelasyon at mga Talata ng Allâh, ay tinanggihan nila, na kung kaya, ibinaba ng Allâh (ﷻ) sa kanilang lahat ang Kanyang parusa, bilang kabayaran sa kanilang mga masasamang gawain, at hindi sila dinaya ng Allâh (ﷻ), kundi sila ang nandaya sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagtanggi at paglabag.

71. Ang mga mananampalataya, na mga kalalakihan at mga kababaihan na naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo ay nagtutulungan sila sa isa't isa, inuutusan nila ang mga tao na maniwala at gumawa ng kabutihan, at pinagbabawalan nila ang mga tao na lumabag sa Allâh at gumawa ng mga kasalanan, at isinasagawa nila ang pagsa-'*Salâh*,' nagbibigay sila ng '*Zakâh*' (obligadong kawanggawa), sinusunod nila ang Allâh (ﷻ) at Kanyang Sugo at iniiwasan ang mga

ipinagbabawal sa kanila, sila ang tiyak na pagkakalooban ng Allâh (ﷻ) ng habag sa pamamagitan ng pagliligtas sa kanila mula sa Kanyang parusa at pagpapasok sa kanila sa Kanyang '*Al-Jannah*' (Hardin). Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***`Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang Kaharian, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang Panukala at mga Batas.

72. Nangako ang Allâh (ﷻ), sa mga mananampalataya na mga kalalakihan at mga kababaihan na naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo ng mga Hardin, na umaagos sa ilalim nito ang mga ilog at doon sila ay mananatili magpasawalang-hanggan, walang katapusan ang kaligayahan doon, at para (pa rin) sa kanila ay mga magagandang mansiyon sa mga Hardin ng '`*Adn*' (Eden) na pananatilihan nila at ang Pagmamahal ng Allâh (ﷻ) na higit at pinakadakila sa anumang kasiyahan na kanilang tinataglay. At ang pangakong ito na gantimpala sa Kabilang-Buhay ay siyang pinakadakilang tagumpay.

73. O Propeta, makipaglaban ka sa mga walang pananampalataya (na kumakalaban sa Allâh o humaharang sa Daan ng Allâh) sa pamamagitan ng lakas at sandata; at sa mga mapagkunwari sa pamamagitan ng mga salitang katotohanan at mga katibayan, at maghigpit ka sa kanila, at ang kanilang patutunguhan ay Impiyernong-Apoy na napaka-samang hantungan.

74. Sumusumpa ang mga mapagkunwari sa Ngalan ng Allâh (ﷻ) na wala silang anumang nasabi na nakasasama sa Sugo ng Allâh at sa mga Muslim, subali't katiyakang sila ay mga sinungaling; dahil walang pag-aalinlangang sinabi na nila ang mga salita ng pagtanggi sa Allâh at tumalikod na sila sa Islâm pagkatapos nilang tanggapin ito, at gumawa sila ng paraan para ipahamak ang Sugo ng Allâh na si Muhammad (ﷺ), subali't hindi sila pinahintulutan ng Allâh (ﷻ), at walang nakita ang mga mapagkunwari sa anumang ipinipintas nila at iniaakusa sa Propeta, kundi ang Allâh (ﷻ) ay mas pinaburan ang Propeta at ang kanyang mga tagasunod, pinayaman sila sa pamamagitan ng pagbubukas ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Propeta ng mga kabutihan at biyaya.

At kung sila na mga walang pananampalataya ay manumbalik lamang sa paniniwala at magbalik-loob sa Allâh (ﷻ) ay ito ang makakabuti para sa kanila, subali't kung sila ay tatalikod at mananatili sa kanilang kalagayan, ay paparusahan sila ng Allâh ng masidhing parusa rito sa daigdig sa mga kamay ng mga mananampalataya, at sa Kabilang-Buhay naman ay Impiyernong-Apoy ang kanilang hahantungan, at walang sinuman ang makapagliligtas sa kanila at tagapagtaguyod na magpapalayo sa kanila mula sa parusa.

75. At mayroon sa mga mahihirap na mga mapagkunwari na nangangako sa kanyang sarili: "*Kung pagkakalooban lamang kami ng Allâh ng yaman ay tiyak na magbibigay kami ng* '*sadaqah*' (*kawanggawa*), *at gagawin namin ang anumang ginagawa ng mga mababuting tao sa kanilang mga kayamanan*, *at susundin namin ang daan ng kabutihan.*"

76. Subali't noong pinagkalooban sila ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang kagandahang-loob, ay nagmaramot sila sa pamamagitan ng hindi pagbibigay ng kawanggawa at hindi paggasta sa kabutihan, at sila ay tumalikod na lumalayo sa Islâm.

77. Na kung kaya, ang naging kabayaran ng kanilang gawain at naging bunga nito ay mas lalong tumindi ang kanilang pagkamapagkunwari, na hindi na nila kayang iligtas ang kanilang sarili mula rito, hanggang sa Araw ng Paghuhukom, dahil sa kanilang pagsira ng pangako na ipinangako nila sa kanilang mga sarili at dahil sa kanilang pagkukunwari at pagsisinungaling.

78. Hindi ba nila alam na mga mapagkunwari, na ang Allâh (ﷻ) ay batid Niya kung anuman ang kanilang kinikimkim sa kanilang mga sarili at kung anuman ang kanilang pinag-uusapan sa kanilang lihim na pagtitipun-tipon na mga pakana? At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Allamul Ghuyub***' – Ganap na Ganap ang Kanyang Kaalaman sa lahat ng mga lihim. Katiyakan, papagbabayarin sila sa kanilang mga ginawa na naitala laban sa kanila.

79. At bukod sa pagiging maramot ng mga mapagkunwari ay hindi ligtas ang mga nagbibigay ng mga kawanggawa sa kanilang paninira at pag-aalipusta; na kung kaya, kapag nagbigay ang mga mayayaman na mga Muslim ng maraming kawanggawa ay inaakusahan ng mga mapagkunwari sila na mga mayayaman ng pagpapakitang-tao lamang, at kapag nagbigay ng kawanggawa ang mga mahihirap ayon sa kanilang kakayahan ay minamaliit nila ito, at kanilang sinasabi bilang pagmamaliit: "*Ano naman ang magagawa nitong kawanggawa na ibinibigay ninyo?*" Kaya, mamaliitin din sila ng Allâh (ﷻ) at ang para sa kanila ay masidhing kaparusahan.

80. Ihingi mo man ng kapatawaran, O Muhammad (ﷺ), ang mga mapagkunwari o hindi, kailanman ay hindi na sila patatawarin pa ng Allâh (ﷻ), kahit na pauli-ulit mo silang ihingi ng kapatawaran; dahil katiyakang sila ay hindi naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo. At hindi ginagabayan ng Allâh (ﷻ) ang sinumang naghimagsik at lumabag sa Kanyang kagustuhan.

81. Natuwa ang mga yaong nagpaiwan noong hindi sila sumama sa Sugo ng Allâh, na sila ay nanatili sa Madinah bilang paglabag sa Sugo ng Allâh at kinamuhian nila ang pagpupunyagi at pakikipaglaban kasama ang Propeta sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan at ng kanilang mga sarili sa Daan ng Allâh, at sinabi nila sa isa't isa: "*Huwag kayong magsitungo sa kainitan ng araw*," at ang Labanan sa Tabuk ay nangyari sa panahon na matindi ang kainitan. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang Impiyernong-Apoy ang mas matindi ang kainitan kung ito ay naiintindihan lamang nila!*"

82. Hayaan mo sila na mapagkunwari na nagpaiwan, na magtawa nang pansamantala dahil sa kanilang di-pagsama sa Labanan sa Tabuk na ito ay bahagi ng pansamantalang kasiyahan dito sa buhay sa daigdig na may katapusan, at sila ay iiyak nang lubusan sa Impiyernong-Apoy; bilang kabayaran sa kanilang nagawa rito sa daigdig na pagkukunwari at paglabag.

83. At kapag sinanhi ng Allâh (ﷻ) na ikaw ay makabalik, O Muhammad (ﷺ), mula sa iyong pakikipaglaban, tungo sa mga mapagkunwari na nanatili sa kanilang pagiging ipokrito, at sila ay hihingi ng pahintulot na sumama sa iyo sa iba pang labanan pagkatapos ng Labanan sa Tabuk ay sabihin mo sa kanila: "*Kailanman ay hindi na kayo sasama pa sa akin sa anumang labanan ni makipaglaban sa sinumang kaaway na kasama ako*; *dahil katotohanang higit na ginusto ninyo ang magpaiwan sa unang pagkakataon*, *na kung kaya*, *manatili na kayo*, *kasama ng mga yaong nagpaiwan na hindi sumama sa pakikipaglaban na kasama ang Sugo ng Allâh*."

84. At huwag mong isagawa ang '*Salâh*' ('*Janâzah*'), kailanman, O Muhammad (ﷺ), sa sinumang mamatay mula sa mga '*Munâfiqin*' o mapagkunwari, at huwag kang tumayo sa kanyang libingan upang ipanalangin siya; dahil katiyakang sila ay hindi naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at sila ay namatay na mga naghimagsik at hindi sumunod sa Allâh. At ganito ang batas sa sinumang kilalang mapagkunwari.

85. At huwag kang mamangha, O Muhammad (ﷺ), sa kayamanan nila na mga '*Munâfiqin*' at sa kanilang mga anak, dahil katiyakang nais lamang ng Allâh (ﷻ) na sila ay parusahan dito sa daigdig dahil sa kanilang matinding pagsusumigasig sa paghahangad ng makamundong bagay; at kinamatayan nila ang hindi paniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo

86. At noong ipinahayag ang '*Surah*' o kabanata ng Dakilang Qur'ân kay Muhammad (ﷺ), na nag-uutos ng paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagiging dalisay sa layunin para rito at pakikipaglaban kasama ang Sugo ng Allâh (ﷺ), ang mga nakaririwasa sa buhay na mga '*Munâqifîn*' ay humingi ng pahintulot sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na kanilang sinabi: "*Pabayaan mo na kami na kasama ng mga yaong nanatili na hindi kayang sumama sa pakikipaglaban*."


رَضُوا۟ بِأَن يَكُونُوا۟ مَعَ ٱلْخَوَالِفِ وَطُبِعَ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ فَهُمْ
لَا يَفْقَهُونَ ﴿٨٧﴾ لَٰكِنِ ٱلرَّسُولُ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَعَهُۥ
جَٰهَدُوا۟ بِأَمْوَٰلِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ ۚ وَأُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمُ ٱلْخَيْرَٰتُ ۖ
وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿٨٨﴾ أَعَدَّ ٱللَّهُ لَهُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى
مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۚ ذَٰلِكَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿٨٩﴾ وَجَآءَ
ٱلْمُعَذِّرُونَ مِنَ ٱلْأَعْرَابِ لِيُؤْذَنَ لَهُمْ وَقَعَدَ ٱلَّذِينَ كَذَبُوا۟
ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ ۚ سَيُصِيبُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنْهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ
﴿٩٠﴾ لَّيْسَ عَلَى ٱلضُّعَفَآءِ وَلَا عَلَى ٱلْمَرْضَىٰ وَلَا عَلَى ٱلَّذِينَ
لَا يَجِدُونَ مَا يُنفِقُونَ حَرَجٌ إِذَا نَصَحُوا۟ لِلَّهِ وَرَسُولِهِۦ ۚ
مَا عَلَى ٱلْمُحْسِنِينَ مِن سَبِيلٍ ۚ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٩١﴾
وَلَا عَلَى ٱلَّذِينَ إِذَا مَآ أَتَوْكَ لِتَحْمِلَهُمْ قُلْتَ لَآ أَجِدُ
مَآ أَحْمِلُكُمْ عَلَيْهِ تَوَلَّوا۟ وَّأَعْيُنُهُمْ تَفِيضُ مِنَ ٱلدَّمْعِ
حَزَنًا أَلَّا يَجِدُوا۟ مَا يُنفِقُونَ ﴿٩٢﴾ ۞ إِنَّمَا ٱلسَّبِيلُ عَلَى
ٱلَّذِينَ يَسْتَـْٔذِنُونَكَ وَهُمْ أَغْنِيَآءُ ۚ رَضُوا۟ بِأَن يَكُونُوا۟
مَعَ ٱلْخَوَالِفِ وَطَبَعَ ٱللَّهُ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ فَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٩٣﴾

87. Kuntento na sila na mga ‘*Munâfiqûn*’ ng kahiya-hiya sa kanilang mga sarili, na sila ay manatili sa kanilang mga tahanan kasama ang mga kababaihan, mga kabataan at saka ang mga yaong may kapansanan, at isinara ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso; dahil sa kanilang pagiging mapag-kunwari at hindi pagsama sa pakikipaglaban kasama ang Sugo ng Allâh sa Daan ng Allâh, dahil sa hindi nila naiintindihan kung ano ang makababuti para sa kanila.

88. Kung hindi man sumama sa pakikipaglaban ang mga ‘*Munâfiqûn*,’ ay katotohanang nakipaglaban ang Sugo ng Allâh (ﷺ) at kasama ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng kanilang kayamanan at kanilang mga sarili, at sila ay magkakamit ng tulong at mga mababuting bagay dito sa daigdig, at Hardin at karangalan naman sa Kabilang-Buhay, at sila ang magkakamit ng tunay na tagumpay.

89. Inihanda ng Allâh (ﷻ) para sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang mga Hardin na may umaagos na mga ilog sa mga ilalim ng mga puno nito, sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan. Ito ang dakilang tagumpay.

90. At dumating ang grupo na mula sa mga Bedouin na Arabo na nakatira sa disyerto sa mga karatig ng Madinah na humihingi sila ng pahintulot na nangangatwiran sa Sugo ng Allâh (ﷺ) at isinasaad nila kung anuman ang kahinaan nila at kakulangan nila sa lakas upang sumama sa pakikipagdigma, at nanatili naman ang ibang grupo ng mga tao nang wala silang kadahilanan na ipinapakita kundi pagmamatigas lamang laban sa Sugo ng Allâh (ﷺ). Walang pag-aalinlangan, matatamasa ng mga walang pananampalataya mula sa kanila ang masidhing parusa rito sa daigdig na pagkamatay, at sa Kabilang-Buhay naman ay Impiyernong-Apoy.

91. Sa kanila na may mga sapat na kadahilanan na katulad ng mga mahihina, mga maysakit, mga mahihirap, na walang kakayahan na tustusan ang kanilang pangangailangan sa kanilang pakikipaglaban, ay walang kasalanan ang kanilang

pagpapaiwan, kapag sila ay taos-puso na naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at isinasagawa ang Kanyang batas.

Walang anumang batayan upang sila ay pagbintangan o parusahan ang sinuman na gumagawa ng kabutihan na hindi niya nakayanan na makipaglaban kasama ang Sugo ng Allâh (ﷺ), dahil mayroon silang sapat na kadahilanan, hangga't sila ay sumusunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour'***– Ganap na Mapagpatawad sa mga mababuti, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

92. At ganoon din, walang kasalanan ang mga yaong dumating sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na humihingi ng tulong upang matustusan ang kanilang pangangailangan sa kanilang pakikipaglaban, na sinabi mo sa kanila: "*Wala akong kakayahan na matustusan ang inyong mga pangangailangan upang makasama kayo sa labanan*," at tumalikod sila na umaapaw ang mga luha sa kanilang mga mata sa matinding pagdadalamhati dahil sa hindi nila natamo ang malaking karangalan at gantimpala ng pakikipaglaban sa Daan ng Allâh, sapagka't wala silang natagpuan na panustos upang sumama sa pakikipaglaban sa Daan ng Allâh.

93. Sa katunayan, ang kasalanan at paninisi ay sa kanila na mga mayayaman na dumating sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na humihingi ng pahintulot na payagan sila na hindi sumama, at sila ang mga mapagkunwari na mga mayayaman na pinili nila na manatili kasama ang mga kababaihan at ang mga may kapansanan, at isinara ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso ng pagka-ipokrito, na kung kaya, hindi na ito papasukin ng paniniwala, dahil sa hindi nila batid ang masamang idinudulot ng kanilang hindi pagsama sa iyo, at pag-iwas nila sa pakikipaglaban.



94. Mangangatwiran ng mga kasinungalingan sa inyo, O kayong mga mananampalataya, ang mga hindi sumama sa pakikipaglaban, laban sa mga walang pananam-palataya, sa pagkabalik ninyo mula sa inyong pakikipaglaban sa Tabuk, sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Huwag na kayong mangatwiran dahil kailan man ay hindi namin paniniwalaan ang inyong mga sinasabi*, *katiyakan*, *pinauna na sinabi ng Allâh* (ﷻ) *sa amin ang hinggil sa inyo bilang pagpapatunay sa amin ng inyong kasinungalingan.*

"*Walang pag-aalinlangan*, *mina-matyagan ng Allâh* (ﷻ) *at ng Kanyang Sugo ang inyong gawain*, *kung kayo ay magbabago at magsisisi mula sa inyong pagka-mapagkunwari*, *o di kaya ay magpatuloy pa rin kayo*, *ay walang pag-aalinlangan na ilalantad sa mga tao ang inyong mga gawain dito sa daigdig*, *pagkatapos kayo ay ibabalik pagkatapos ng inyong kamatayan tungo sa Kanya na walang anumang maililihim sa Kanya mula sa anumang nakatago o nakalantad hinggil sa inyo*, *at isasalaysay Niya sa inyo ang lahat ng inyong mga gawain at kayo ay papagbabayarin ayon dito.*"

95. Walang pag-aalinlangan, susumpa sa inyo sa Ngalan ng Allâh (ﷻ), ang mga '*Munâfiqun*' o mapagkunwari – na mga nagsisinungaling at nangangatwiran – kapag kayo ay nakabalik na sa kanila mula sa labanan; upang pabayaan na ninyo sila at hindi na tatanungin, na kung kaya, iwasan ninyo sila at huwag pansinin bilang pag-alipusta sa kanila, walang pag-aalinlangan, marurumi ang kanilang mga kalooban, at ang kanilang patutunguhan sa Kabilang-Buhay ay Impiyernong-Apoy bilang kabayaran sa anuman na kanilang nagawang mga kasalanan at pagkakamali.

96. Sumusumpa sa inyo, O kayong mga mananampalataya, sila na mga '*Munâfiqun*' bilang pagsisinungaling; upang masiyahan kayo sa kanila at kung masiyahan kayo sa kanila dahil hindi ninyo batid na sila ay nagsisinungaling, ay katiyakang ang Allâh (ﷻ) ay hindi nasisiyahan sa mga taong naghimagsik at hindi sumunod sa Kanya at sa Kanyang Sugo.

97. Ang mga Bedouin na Arabo na nakatira sa mga malalayong lugar ng disyerto ay mas matindi ang kanilang pagtanggi at pagkamapagkunwari kaysa sa mga nakatira sa lunsod, at ito ay dahil sa katigasan ng kanilang mga puso at pagkalayo nila sa anumang kaalaman at sa mga may alam, at gayundin sa mga umpukan ng mga pagpapayo at pagpapaalaala, na kung kaya, sila ang mas hindi nakaaalam sa hangganang itinakda ng Allâh at sa anumang ipinahayag ng Allâh (ﷻ) na mga batas at mga alituntunin. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa kalagayan nilang lahat, ang '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa pangangasiwa sa Kanyang mga alipin.

98. At mayroon sa mga Bedouin ang naghahangad mula sa anumang kanilang ginasta sa Daan ng Allâh bilang multa at pagkatalo, na hindi naman talaga naghahangad ng anumang gantimpala mula sa Allâh, at hindi upang mailigtas ang kanyang sarili mula sa parusa sa Kabilang-Buhay kundi siya ay nag-aabang na mangyari sa inyo ang mga kalamidad at mga kapinsalaan, subali't ang pagkahamak ay sa kanila nangyari at hindi sa mga Muslim. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee`***' – Ganap na Nakakarinig sa anuman na kanilang mga sinasabi, na '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa kanilang mga masamang layunin.

99. At mayroon din sa mga Bedouin, na naniniwala sa Allâh at sa Kanyang Kaisahan at naniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli pagkatapos ng kamatayan, at gayundin sa gantimpala at parusa, at inilaan niya ang kanyang ginagasta sa pakikipaglaban sa (mga kumakalaban sa Allâh na) mga walang pananampalataya bilang paghahangad ng pagmamahal ng Allâh (ﷻ), at upang ito ay maging daan ng pagpapanalangin ng Propeta para sa kanya, dapat mong mabatid na ang mga ganitong gawain ang magpapalapit sa kanila sa Allâh (ﷻ), at magiging dahilan ng pagpapapasok ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang '***Al-Jannah***' (Hardin). Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa anuman na nagawa nilang mga kasalanan, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

100. At ang mga yaong naunahan ang mga tao tungo sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo na mga '*Muhâjiroun*' (nangibang-bayan) na iniwan nila ang kanilang sambayanan at ang mga pamilya at sila ay nagtungo sa Tahanan ng Islâm, at ang mga Ansâr na sila ang tumulong sa Sugo ng Allâh (ﷺ) laban sa kanilang mga kalaban na mga walang pananampalataya, at gayundin ang mga mababuting sumunod sa kanila sa paniniwala at mga salita at mga gawa sa paghahangad ng pagmamahal ng Allâh (ﷻ), ay sila ang mga yaong kinalugdan ng Allâh dahil sa kanilang pagsunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at minahal nila ang Allâh (ﷻ) dahil sa masaganang gantimpala na ipinagkaloob sa kanila dahil sa kanilang pagsunod at paniniwala.

Inihanda Niya para sa kanila ang mga Hardin na may umaagos na mga ilog sa ilalim nito na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, at ito ang dakilang tagumpay. Sa '*Âyah*' o talatang ito, ang pagpaparangal sa mga '*Sahâbah*' at papuri sa kanila; na kung kaya, ang paggalang sa kanila ay bahagi ng pananampalataya.

101. Mayroon sa mga taong naninirahan sa palibot ng Madinah ay mga Bedouin na mga mapagkunwari at mayroon ding ilan sa mga taga-Madinah ang patuloy na nagpumilit sa kanilang pagkukunwari; at lalo pang naging matindi ang kanilang paglabag dahil lingid sa iyong kaalaman, O Muhammad (ﷺ), ang hinggil sa kanila, subali't Kami ay Ganap na Nababatid Namin, na kung kaya, walang pag-aalinlangan, paparusahan Namin sila ng dalawang beses: sa pagpatay sa kanila at pagbihag sa kanilang mga kababaihan at pagpapahiya sa kanila rito sa daigdig at sa pagpaparusa sa kanila sa kanilang libingan pagkatapos nilang mamatay, pagkatapos sila ay ibabalik sa Araw ng Muling Pagkabuhay tungo sa kasindak-sindak na kaparusahan sa Impiyernong-Apoy.

102. At ang iba naman sa kanila na nanirahan sa Madinah at sa mga karatig-pook nito, ay mga umamin ng kanilang pagkakasala at ito ay kanilang pinagsisihan at nagbalik-loob sila, na magkahalo ang kanilang mabuting gawa na katulad ng pagbabalik-loob, pagsisisi at pag-amin ng kasalanan at iba pang mga kabutihan; na ang masamang gawain naman nila ay katulad ng hindi nila pagsama sa Propeta

sa pakikipaglaban at iba pang mga pagkakamali, na maaaring ang Allâh (ﷻ) ay gabayan sila upang magbalik-loob at ito ay tatanggapin para sa kanila. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

103. Tanggapin mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga kayamanan nila na mga nagsipagsisi na naghalo ang kanilang mga mabuting gawa at mga masamang gawa bilang kawanggawa mula sa kanila upang sila ay linisin mula sa dungis ng kanilang pagkakasala, at sila ay mapalayo mula sa antas ng mga mapagkunwari tungo sa antas ng mga malilinis at dalisay, at ihingi mo sila ng kapatawaran sa kanilang mga pagkakasala upang sila ay mapatawad, dahil katiyakang ang panalangin mo para sa kanila at paghingi mo ng kapatawaran ay bilang habag at kapanatagan para sa kanila. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee***`' – Ganap na Nakakarinig sa lahat ng panalangin at salita, na '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa kalagayan ng Kanyang mga alipin at sa kanilang mga layunin, at gagantihan ang bawa't isa ayon sa kanyang gawa.

104. Hindi ba alam ng yaong hindi sumama sa pakikipagdigma at ng iba pa sa kanila, na ang Allâh (ﷻ) sa katotohanan ang Bukod-Tanging tumatanggap ng pagbabalik-loob ng Kanyang mga alipin, at tumatanggap ng mga kawanggawa at Kanya itong ginagantimpalaan; at walang pag-aalinlangang ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Bukod-Tanging '***At-Tawwâb***' – ang Tagapagpatawad at Tagapagtanggap sa Kanyang mga alipin kapag sila ay bumalik sa pagsunod sa Kanya, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila kapag sila ay nagbago tungo sa Kanyang kagustuhan?

105. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga mapagkunwari at sa mga katulad nila: "*Gawin na ninyo ang anumang nais ninyong gawin! Walang pag-aalinlangang makikita ng Allâh* (ﷻ) *ang inyong mga gawa at* (*gayundin*) *ang Kanyang Sugo at ang mga mananampalataya*, *at lilitaw at lilitaw ang katotohanan hinggil sa inyo. At walang pag-aalinlangan*, *na kayo ay babalik sa Araw ng Muling Pagkabuhay tungo sa Kanya na Ganap na Nakaaalam* (*Allâh* ﷻ) *ng inyong inilihim at inyong inilantad*, *at isasalaysay sa inyo ang anuman na inyong nagawa. At ito ay bilang pagbabanta at babala sa sinumang nanatili sa kanyang pagkakamali at paglabag*."

106. At mayroon sa kanila na mga hindi sumama sa inyo sa Labanan sa Tabuk ang pinapaghintay sa kung ano ang magiging Hatol ng Allâh (ﷻ) para sa kanila; upang pagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang pasiya, at sila ang mga yaong pinagsisihan ang kanilang mga gawa, na sila ay sina: Murarah Ibnur Rabi`ah, Ka`ab Ibnu Malik, at Hilal Ibnu Umayyah; na sila ay maaaring parusahan ng Allâh (ﷻ) at maaari rin namang patawarin. At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa sinumang karapat-dapat na parusahan o patawarin, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa lahat ng Kanyang mga sinasabi at mga ginagawa.

107. At ang mga mapagkunwari na nagtayo ng Masjid; upang ipahamak ang mga mananam-palataya at bilang pagtanggi sa Allâh, at paghihiwa-hiwalayin ang mga mananampalataya; upang mag-'*Salâh*' ang ilan sa kanila roon at iwan ang Masjid Qubâ` na pinagdarasalan ng mga Muslim, nang sa gayon ay magkasalungatan ang mga Muslim at magkawatak-watak dahil dito; at bilang himpilan sa sinumang naghamon ng labanan sa Allâh at sa Kanyang Sugo noon, na ito ay si Abu `Âmer na masamang monghe na gagawin niya itong sentro o lugar ng pakana laban sa mga Muslim, at sumusumpa sila na mga mapagkunwari na sila raw sa katotohanan, ay walang anumang masamang balakin sa pagtatayo nito kundi kabutihan at bilang awa sa mga Muslim at upang maluwagan ang mga mahihina na hindi nila kayang maglakad tungo sa Masjid Qubâ`, subali't ang Allâh (ﷻ) ay tumitestigo na sila ay sinungaling sa kanilang panunumpa. Na kung kaya, sinira ang Masjid na yaon at sinunog.

108. Kailanman ay huwag kang titindig, O Muhammad (ﷺ), upang magsagawa ng '*Salâh*' sa Masjid na yaon, dahil walang pag-aalinlangang ang Masjid na itinayo batay sa pagkatakot sa Allâh (ﷻ) sa una pa lamang pagkakataon ay ang Masjid Qubâ`, na rito mo nararapat isagawa ang iyong pagsa-'*Salâh*,' dahil nasa Masjid na yaon ang mga kalalakihan na nais nilang maglinis sa pamamagitan ng tubig mula sa anumang karumihan, na tulad din ng kanilang paglilinis mula sa pagkatakot sa Allâh (ﷻ) at paghingi ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at kasamaan. At ang Allâh (ﷻ) ay nagmamahal sa mga taong malilinis. At kung ang Masjid Qubâ` ay itinayo batay sa pagkatakot sa Allâh (ﷻ) sa unang araw pa lamang na ito'y itinayo, gayundin o higit pa ang Masjid ng Sugo ng Allâh.

109. Hindi maaaring magkatulad ang sinumang nagtayo ng kanyang tahanan batay sa pagkatakot sa Allâh (ﷻ), pagsunod sa Kanya at paghahangad ng Kanyang pagmamahal, sa sinumang nagtayo ng kanyang tahanan sa dulo ng bangin na maaaring bumagsak anumang sandali, kaya itinayo niya ang Masjid ng kapahamakan at paglabag sa Allâh at para sa pagpapahiwa-hiwalay sa mga

Muslim, na kung kaya, ito ang nagdala sa kanya sa pagkabulid sa Impiyernong-Apoy. At ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya ginabayan ang mga taong masasama na lumalabag sa Kanyang hangganang itinakda.

110. At patuloy na itinayo ng mga mapagkunwari ang gusali upang ipahamak ang Masjid Qubâ`, na nanatili ang kanilang pagdududa at ang kanilang pagiging ipokrito sa kanilang mga puso maliban na lang kung tadtarin ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng pagpatay sa kanila, o sa pagdating ng kamatayan nila o di kaya ay sa matinding pagsisisi nila at pagbabalik-loob nila sa Allâh na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at sa kanilang matinding pagkatakot sa kanilang ginawa.

At ang Allâh (ﷻ) ang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa pagdududa ng mga mapagkunwari sa anuman na kanilang layunin, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha.

111. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay binili Niya sa mga mananampalataya ang kanilang mga sarili na ang kapalit nito ay ang Hardin ('*Al-Jannah*') at ang anumang inihanda ng Allâh (ﷻ) sa kanila na kaligayahan dahil sa pagsakripisyo nila ng kanilang mga sarili at kanilang mga kayamanan sa pakikipaglaban sa kalaban ng Allâh upang mangibabaw ang Kanyang batas (salita) at mangibabaw ang Kanyang '*Deen*,' nakapapatay sila o sila ay namamatay, ito ay katotohanan na ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa kanila ayon sa '*Tawrah*' na ipinahayag kay Mousã (عليه السلام) at '*Injeel*' na ipinahayag kay `Îsã (Hesus عليه السلام), at sa Dakilang Qur'ân na ipinahayag kay Muhammad (ﷺ). At walang sinuman ang hihigit pa sa Allâh (ﷻ) sa pagpapatupad Niya ng Kanyang pangako sa sinumang tinupad nito ang pangako niya sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, magpakasaya kayo, O kayong mga mananampalataya, dahil sa inyong kasunduan sa Allâh (ﷻ) na inyong tinupad, at sa anumang ipinangako Niya sa inyo na Hardin at pagmamahal, at ito ang dakilang tagumpay.



112. At kabilang sa katangian nila na mga mananampalataya na pinangakuan ng Allâh ng '*Al-Jannah*' (Hardin) ay sila ang mga yaong nagsipagsisi na tinalikuran nila ang anumang kinamumuhian ng Allâh tungo sa anumang gawain na Kanyang kinalulugdan, na mga yaong taimtim ang kanilang pagsamba sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi at sa kanilang pagsunod sa Kanya, yaong pumupuri sa Allâh (ﷻ) sa lahat ng pagkakataon na sinusubok sila mabuti man ito o masama, yaong mga nag-aayuno nang alang-alang sa Allâh, yaong mga yumuyuko sa kanilang pagsa-'*Salâh*' at mga nagpapatirapa; yaong mga nag-uutos sa mga tao na isagawa ang anumang ipinag-uutos ng Allâh (ﷻ) at Kanyang Sugo, at nagbabawal sa anumang ipinagba-bawal ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo, na isinasagawa nila ang ipinag-uutos ng Allâh (ﷻ) at pinapangalagaan nila ang anumang batas, pag-uutos man o pagbabawal, sila ay patuloy sa pagsunod sa Allâh (ﷻ), na nananatili sa Kanyang batas. Ipamalita mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga mananampalataya na nagtatangan ng mga ganitong katangian, ang pagmamahal ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang '*Al-Jannah*' (Hardin).

113. Hindi nararapat kay Propeta Muhammad (ﷺ) at sa mga mananampalataya na ihingi ng kapatawaran ang mga '*Mushrikin*' na mga nagtatambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh, maging sila man ay mga kamag-anak nila pagkatapos silang mamatay na mga walang pananampalataya sa Allâh at sumamba ng rebulto, at napatunayan nila na ang mga ito ay maninirahan sa Impiyernong-Apoy, dahil sa sila ay namatay na hindi naniwala sa Allâh, na namatay na nasa kalagayan ng '*Shirk*' – pagtatambal o pagsamba ng iba bukod sa Allâh.

At ang Allâh (ﷻ), hindi Niya pinatatawad ang mga nagtatambal o sumamba ng iba bukod sa Kanya, na katulad ng Kanyang sinabi: "*Katiyakang ang Allâh* (ﷻ), *hindi Niya patatawarin ang sinumang nagtatambal sa pagsamba sa Kanya o sumamba ng iba bukod sa Kanya*." At sinabi pa rin Niya, "*Katiyakan*, *ang sinumang nagtatambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh ay ipinagbawal sa kanya ng Allâh* (ﷻ) *ang* '*Al-Jannah*' (Hardin)."

114. At ang panalangin ni Ibrâhim (عليه السلام) sa kanyang ama na '*Mushrik*' ay bilang pagtupad lamang sa kanyang pangako na kanyang ipinangako sa kanyang ama, na kanyang sinabi: "*Walang pag-aalinlangan*, *ihihingi kita ng kapatawaran sa aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *dahil Siya ay nagmamahal sa akin*." Subali't noong mapatunayan ni Ibrâhim (عليه السلام) na ang kanyang ama ay kalaban ng Allâh at wala nang pakinabang sa kanya ang pagpapayo at pagpapaalaala, at siya'y mamamatay na walang pananampalataya, na kung kaya, pinabayaan na siya at hindi na inihingi ng kapatawaran at inilayo niya ang kanyang sarili sa kanya (inialis niya ang kanyang pananagutan sa kanyang ama). Katiyakan, si Ibrâhim ay '*Awwâh*' – matindi ang kanyang pagpapakumbaba sa Allâh (ﷻ), pinupuri at niluluwalhati niya ng labis ang Allâh (ﷻ), napakalawak ang kanyang pang-unawa sa anumang pagkakamali ng kanyang sambayanan.

115. At ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya ililigaw ang mga tao pagkatapos Niyang pagkalooban ng gabay at patnubay hangga't hindi Niya naipaliliwanag sa kanila ang anuman na dapat nilang pag-ingatan at anuman ang kanilang nararapat na matutunan sa mga alituntunin ng '*Deen*.' Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay, na kung kaya, itinuro Niya sa inyo ang anuman na hindi ninyo alam at nilinaw Niya sa inyo ang anumang kapakinabangan nito, at itinatag Niya sa inyo ang katibayan sa pagpaparating ng Kanyang mensahe.

116. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), Siya ang '***Mâlik***' – Nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan at ang anumang nilalaman nito at wala Siyang sinumang katambal sa paglikha at pangangasiwa nito, sa bukod-tanging pagsamba sa Kanya at sa pagbibigay ng batas. Sinasanhi Niya na mabuhay ang sinuman na Kanyang nais at mamatay naman ang sinuman na Kanyang nais. At bukod sa Allâh (ﷻ) wala kayong sinumang '***Wale***e' – Ganap na Tagapangasiwa sa inyo at walang sinuman ang tutulong sa inyo laban sa inyong mga kalaban kundi Siya.

117. Walang pag-aalinlangan, ginabayan ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang Propeta na si Muhammad (ﷺ) sa pagsunod sa Kanya upang makamit ang kapatawaran, at gayundin ang mga '*Muhâjireen*' at ang kanilang mga pamilya na mga nangibang-bayan tungo sa bayan ng Islâm, at gayundin ang mga '*Ansâr*' – ang tagatulong ng Sugo ng Allâh (ﷺ) na sila ay sumama sa kanya sa pakikipaglaban sa mga kalaban sa Labanan sa Tabuk sa panahon na matindi ang init at matindi ang kahirapan.

Walang pag-aalinlangan, pinatawad sila ng Allâh (ﷻ) pagkatapos na muntik nang malihis ang puso ng iba sa kanila sa katotohanan, na mas higit na gugustuhin pa nilang magmukmok na lamang sa isang tabi at hindi kikilos, subali't ang Allâh (ﷻ) ay pinatatag sila at pinalakas at pinatawad, dahil Siya ang '***Raouf***' – Punung-Puno ng Kabutihan sa kanila, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal. At kabilang sa pagmamahal Niya sa kanila ay ang Kanyang pagkakaloob ng kapatawaran sa kanila, at tinanggap sa kanila ang kanilang pagbabalik-loob at pinatatag sila.

وَعَلَى ٱلثَّلَٰثَةِ ٱلَّذِينَ خُلِّفُوا۟ حَتَّىٰٓ إِذَا ضَاقَتْ عَلَيْهِمُ ٱلْأَرْضُ
بِمَا رَحُبَتْ وَضَاقَتْ عَلَيْهِمْ أَنفُسُهُمْ وَظَنُّوٓا۟ أَن لَّا مَلْجَأَ
مِنَ ٱللَّهِ إِلَّآ إِلَيْهِ ثُمَّ تَابَ عَلَيْهِمْ لِيَتُوبُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلتَّوَّابُ
ٱلرَّحِيمُ ﴿١١٨﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَكُونُوا۟ مَعَ
ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿١١٩﴾ مَا كَانَ لِأَهْلِ ٱلْمَدِينَةِ وَمَنْ حَوْلَهُم
مِّنَ ٱلْأَعْرَابِ أَن يَتَخَلَّفُوا۟ عَن رَّسُولِ ٱللَّهِ وَلَا يَرْغَبُوا۟ بِأَنفُسِهِمْ
عَن نَّفْسِهِۦ ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ لَا يُصِيبُهُمْ ظَمَأٌ وَلَا نَصَبٌ
وَلَا مَخْمَصَةٌ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَلَا يَطَـُٔونَ مَوْطِئًا يَغِيظُ
ٱلْكُفَّارَ وَلَا يَنَالُونَ مِنْ عَدُوٍّ نَّيْلًا إِلَّا كُتِبَ لَهُم
بِهِۦ عَمَلٌ صَٰلِحٌ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُضِيعُ أَجْرَ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٢٠﴾
وَلَا يُنفِقُونَ نَفَقَةً صَغِيرَةً وَلَا كَبِيرَةً وَلَا يَقْطَعُونَ
وَادِيًا إِلَّا كُتِبَ لَهُمْ لِيَجْزِيَهُمُ ٱللَّهُ أَحْسَنَ مَا كَانُوا۟
يَعْمَلُونَ ﴿١٢١﴾ ۞ وَمَا كَانَ ٱلْمُؤْمِنُونَ لِيَنفِرُوا۟ كَآفَّةً ۚ
فَلَوْلَا نَفَرَ مِن كُلِّ فِرْقَةٍ مِّنْهُمْ طَآئِفَةٌ لِّيَتَفَقَّهُوا۟ فِى ٱلدِّينِ
وَلِيُنذِرُوا۟ قَوْمَهُمْ إِذَا رَجَعُوٓا۟ إِلَيْهِمْ لَعَلَّهُمْ يَحْذَرُونَ ﴿١٢٢﴾

118. At ganoon din, pinatawad ng Allâh (ﷻ) ang tatlo na hindi sumama sa pakikipaglaban mula sa mga Ansâr na sina: Ka`ab Ibn Malik, Hilal Ibn Umayyah, at Murarah Ibn Rabi`ah, na nagpaiwan at hindi sumama sa Propeta na Sugo ng Allâh, at nalungkot sila nang matinding pagkalungkot, hanggang sa sumikip sa kanila ang mundo na napakalawak dahil sa kanilang matinding lungkot at pagsisisi, dahil sa ginawa nilang di-pagsama, at sumikip sa kanila ang kanilang kalooban dahil sa kanilang matinding pagdadalamhati, at natiyak nila na wala na silang matatakasan mula sa Allâh (ﷻ) kundi sa Kanya rin lamang, kaya ginabayan sila ng Allâh (ﷻ) sa pagsunod sa Kanya at pagbabalik tungo sa anumang ikalulugod ng Allâh (ﷻ). Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay '***At-Tawwâb***' – ang Tagapagpatawad at Tapagtanggap ng mga nagsisisi mula sa Kanyang mga alipin, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

119. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) at maging maingat kayo sa lahat ng inyong mga ginagawa o pag-iwas sa mga dapat ninyong iwasan, at maging kabilang kayo sa mga totoo sa kanilang paniniwala at sa kanilang mga pangako at sa lahat ng larangan ng pamumuhay.

120. Hindi nararapat sa mga taga-Madinah at sa mga nakatira sa karatig nito na magpaiwan kasama ng kanilang pamilya at hindi sumama sa Sugo ng Allâh (ﷺ) sa pakikipaglaban, at hindi maaari na mas higit na gugustuhin pa nila sa kanilang mga sarili ang pamamahinga samantalang ang Sugo ng Allâh (ﷺ) ay nagsasakripisyo, na mas nanaisin pa nila ang kapakanan ng kanilang mga sarili kaysa sa kanyang buhay.

Sa kadahilanang nangyari sa kanila sa kanilang paglalakbay at pakikipaglaban, na pagkauhaw at pagkapagod at anumang kagutuman nang alang-alang sa Allâh, at walang anumang lugar ang kanilang narating na ikinagalit ng mga walang pananampalataya ang pagtungo nila roon, at walang anumang nangyari sa

kanilang kalaban na pinsala o di kaya ay pagkamatay o pagkatalo kundi ang lahat ng mga ito ay itatala sa kanila bilang kanilang gantimpala na mga mababuting gawa. Katiyakan, hindi binabalewala ng Allâh (ﷻ) ang gantimpala ng mga mababuti.

121. At walang anuman ang kanilang ginasta – maliit man ito o malaking halaga – sa Daan ng Allâh, at walang anumang lambak na kanilang nadaanan sa kanilang paglalakbay kasama ang Sugo ng Allâh (ﷺ) sa kanyang pakikipaglaban sa Daan ng Allâh kundi itatala ang gantimpala nito sa kanila; upang sila ay gantimpalaan ng Allâh (ﷻ) ng higit pa kaysa sa anumang karapat-dapat na gantimpala sa kanilang mga mababuting gawa.

122. At hindi karapat-dapat sa mga mananampalataya na lahat sila ay tutungo sa pakikipaglaban sa kanilang mga kalaban, at hindi rin maaari naman na silang lahat ay manatili lamang, na kung kaya, di ba nararapat na ang lalabas lamang mula sa bawa't grupo ay ang ilang pinili mula sa kanila na nababatay lamang sa pangangailangan ng situwasyon; upang ang mga maiiwan ay makapag-aral ng '*Deen*' ng Allâh at sa kung anuman ang ipinahayag sa Kanyang Sugo, upang sila ay makapagbigay ng babala sa kanilang sambayanan sa anuman na kanilang natutunan kapag sila ay nakabalik sa kanila, nang sa gayon ay makapag-ingat sila sa parusa sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.

123. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Simulan ninyo ang pakiki-paglaban sa mga kalaban na mga walang pananampalataya na malalapit sa inyo (ang kanilang lugar), at nararapat na madama ng mga walang pananampalataya ang inyong tapang at bagsik, at dapat ninyong mabatid na ang Allâh (ﷻ) ay katiyakang kasama ng mga matatakutin (‘*Al-Muttaqin*’) sa pamamagitan ng Kanyang pagta-taguyod at tulong.

124. At kapag nagpahayag ang Allâh (ﷻ) ng ‘*Sûrah*’ o kabanata mula sa Dakilang Qur’ân sa Kanyang Sugo, ay mayroon sa kanila na mga mapagkunwari ang magsasabi bilang pagtanggi at pag-aalipusta: “*Sino nga ba sa inyo ang naragdagan ang kanyang paniniwala sa Allâh sa pamamagitan ng Kanyang talata at kabanatang ito?*” Subali’t ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo ay naragdagan ang kanilang pananalig sa Allâh (ﷻ) noong nalaman nila ang ‘*Surah*’ na ito na ipinahayag at napag-aralan nila, pinaniwalaan nila at isinagawa, at sila ay natutuwa sa anumang ipinagkaloob sa kanila ng Allâh (ﷻ) na paniniwala at kaseguruhan.

125. Subali’t sa yaong ang puso ay may sakit ng pag-aalinlangan sa ‘*Deen*’ ng Allâh at pagkamapagkunwari, ay nakapagdagdag lamang sa kanilang pagkamapagkunwari at pag-aalinlangan ang pagkapahayag ng kabanatang ito, na naging higit pa kaysa sa kung ang mayroon sila na pagkamapagkunwari at pag-aalinlangan, hanggang sa sila ay mamatay na tumatanggi sa Allâh at sa Kanyang mga talata.

126. Hindi ba nakikita ng mga mapagkunwari, na ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangang sinusubok sila ng tagtuyot at taggutom nang minsanan o dalawang beses taun-taon upang lumitaw ang anumang kinimkim nilang pagkukunwari? Subali’t pagkatapos ng mga ganitong pangyayari ay hindi pa rin sila nagsipagsisi sa kanilang pagtanggi sa Allâh at sa kanilang pagiging mapagkunwari, at hindi naging aral sa kanila upang maintindihan nila ang anumang nakikita nila na mga talata ng Allâh.

127. At kapag nagpahayag ng isang kabanata ang Allâh (ﷻ), ay nagtitinginan sa isa't isa ang mga mapagkunwari bilang pagtatanggi at pag-aalipusta at pagkapoot sa pagkapahayag nito; dahil sa naisaad doon ang kanilang mga kapintasan at ang kanilang mga ginagawa, pagkatapos sasabihin nila: "*Mayroon bang sinumang makakikita sa inyo kung kayo ay tatayo at aalis mula roon sa Sugo ng Allâh? At kung walang nakakita sa inyo ay tumayo at umalis kayo mula sa kanya upang hindi kayo mapahiya.*" Na kung kaya, inilayo ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso sa paniniwala; dahil sa kanilang di pagkakaintindi at di pag-uunawa.

128. Katiyakan, dumating sa inyo, O kayong mga mananampalataya, ang Sugo na mula sa inyo, na naghihirap ang kanyang kalooban sa anumang natatamo ninyong kahirapan o kapinsalaan, nagmamalasakit sa inyo upang maituwid ang inyong paniniwala at maging mabuti ang inyong kalagayan, at siya ay maawain, ubod ng buti at mapagmahal sa mga mananampalataya.

129. At kapag tumalikod ang mga '*Mushrikûn*' at ang mga '*Munâfiqûn*' sa paniniwala sa iyo, O Muhammad (ﷺ), sabihin mo sa kanila: "*Sapat na sa akin ang Allâh* (ﷻ) *at sapat na sa akin ang Kanyang pangangalaga sa anumang aking mga suliranin*, '***Lâ ilâha illa Huwa***' *– walang sinumang diyos na sinasamba o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya*, *sa Kanya ako nagtitiwala at sa Kanya ko ipinauubaya ang lahat hinggil sa akin*; *dahil Siya sa katotohanan ang aking Tagapangalaga at Siya ang* '***Rabbul `Arshil Adzeem***' – '*Rabb*' *na Nagmamay-ari ng Dakilang* '*`Arsh*' (*Trono*), *na ito ang pinakadakila sa lahat ng Kanyang mga nilikha.*

سورة يونس 10

X – Sûrat Yûnus

[**Kabanata Yûnus** – (Si Propeta) Yûnus (Jonah عليه السلام)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

الجزء الحادي عشر سورة يونس

بسم الله الرحمن الرحيم

الر ۚ تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱلْكِتَٰبِ ٱلْحَكِيمِ ﴿١﴾ أَكَانَ لِلنَّاسِ عَجَبًا
أَنْ أَوْحَيْنَآ إِلَىٰ رَجُلٍ مِّنْهُمْ أَنْ أَنذِرِ ٱلنَّاسَ وَبَشِّرِ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟
أَنَّ لَهُمْ قَدَمَ صِدْقٍ عِندَ رَبِّهِمْ ۗ قَالَ ٱلْكَٰفِرُونَ إِنَّ هَٰذَا
لَسَٰحِرٌ مُّبِينٌ ﴿٢﴾ إِنَّ رَبَّكُمُ ٱللَّهُ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ
فِى سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ ٱسْتَوَىٰ عَلَى ٱلْعَرْشِ ۖ يُدَبِّرُ ٱلْأَمْرَ ۖ مَا مِن شَفِيعٍ
إِلَّا مِنۢ بَعْدِ إِذْنِهِۦ ۚ ذَٰلِكُمُ ٱللَّهُ رَبُّكُمْ فَٱعْبُدُوهُ ۚ أَفَلَا
تَذَكَّرُونَ ﴿٣﴾ إِلَيْهِ مَرْجِعُكُمْ جَمِيعًا ۖ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقًّا ۚ إِنَّهُۥ
يَبْدَؤُا۟ ٱلْخَلْقَ ثُمَّ يُعِيدُهُۥ لِيَجْزِىَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ
بِٱلْقِسْطِ ۚ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَهُمْ شَرَابٌ مِّنْ حَمِيمٍ وَعَذَابٌ
أَلِيمٌۢ بِمَا كَانُوا۟ يَكْفُرُونَ ﴿٤﴾ هُوَ ٱلَّذِى جَعَلَ ٱلشَّمْسَ
ضِيَآءً وَٱلْقَمَرَ نُورًا وَقَدَّرَهُۥ مَنَازِلَ لِتَعْلَمُوا۟ عَدَدَ ٱلسِّنِينَ
وَٱلْحِسَابَ ۚ مَا خَلَقَ ٱللَّهُ ذَٰلِكَ إِلَّا بِٱلْحَقِّ ۚ يُفَصِّلُ ٱلْءَايَٰتِ
لِقَوْمٍ يَعْلَمُونَ ﴿٥﴾ إِنَّ فِى ٱخْتِلَٰفِ ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ وَمَا خَلَقَ
ٱللَّهُ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يَتَّقُونَ ﴿٦﴾

1. *Alif-Lãm-Râ* – Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang ipinaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*,' na ilan sa mga himala ng Qur'ân, at walang sinuman kundi ang Allâh (ﷻ) (lamang) ang Nakaaalam ng mga kahulugan nito. Ito ay mga Talata ng Aklat na naglilinaw nang ganap, na ipinaliwanag ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin (ang hinggil sa nilalaman ng Aklat na ito).

2. Nakapagtataka ba sa mga tao ang Aming pagpapahayag ng Rebelasyon o Kapahayagan ng Dakilang Qur'ân sa isang tao na mula sa kanila, na nagbabababala sa kanila hinggil sa kaparusahan ng Allâh, at binibigyan ng Allâh (ﷻ) ng magandang balita ang mga naniwala sa Kanya at sa Kanyang mga Sugo, na ang para sa kanila ay dakilang gantimpala dahil sa kanilang mga nagawang kabutihan? At noong dumating sa kanila ang Sugo ng Allâh, na dala-dala ang '*Wahi*' o Rebelasyon ng Allâh at ito ay binasa at binigkas sa kanila, sinabi ng mga tumanggi: "*Katiyakan*, *si Muhammad ay isang salamangkero*, *at ang anuman na kanyang dala-dala ay salamangka at malinaw sa pagiging kamalian nito*."

3. Katiyakan, ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay ang Allâh (ﷻ) na Siyang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan sa loob ng anim na araw, pagkatapos Siya ay nag-'*Istawâ*' – pumaroon sa taas ng Kanyang '`*Arsh*' na angkop na angkop sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan, pinapangasiwaan Niya ang Kanyang mga nilikha at walang sinuman ang makasasalungat sa Kanyang pinagpasiyahan at walang sinuman ang maaaring mamagitan sa Kanya sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kundi ang sinuman na Kanyang pahintulutan lamang na mamagitan, na kung kaya, sambahin

ninyo ang Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na nagtatangan ng ganitong mga katangian, at maging taimtim kayo sa inyong pagsamba sa Kanya. Samakatuwid, hindi ba nagiging aral sa inyo ang mga talata at ang mga katibayang ito?

4. Sa Kanya na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, kayo ay babalik lahat sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Ito ay tunay na pangako ng Allâh (ﷻ). Siya ang nagpasimula ng paglikha at Siya rin ang mag-uulit nito pagkatapos ng kamatayan, at ito ay Kanyang ibabalik na buhay na katulad noong una; upang gantimpalaan Niya ang sinumang naniwala sa Kanya at sa Kanyang Sugo at gumawa ng mga mababuting gawa ng pinakamabuting gantimpala na makatarungan. Subali't yaong mga tinanggihan ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at mensahe ng Kanyang Sugo, ang para sa kanila ay inumin na mula sa napakainit na tubig na nakasusunog at nakalalapnos ng mga mukha at nakapuputol ng mga bituka, at ang para sa kanila ay masidhing kaparusahan dahil sa kanilang pagtanggi at pagkaligaw.

5. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha ng araw na nagbibigay ng liwanag, at maging ng buwan na nagbibigay ng tanglaw, at sinukat Niya nang ganap ang kinaroroonan ng buwan; upang sa pamamagitan ng araw ('*sun*') ay mabilang mo ang mga araw ('*day*') at sa pamamagitan ng buwan ay mabilang mo ang mga buwan ('*month*') at mga taon, hindi nilikha ng Allâh (ﷻ) ang araw at ang buwan kundi sa napakadakilang kadahilanan, at nagpapatunay ng Kanyang pagiging ganap na Kakayahan at Kaalaman, nililinaw Niya ang mga katibayan at ang mga palatandaan sa mga taong naiintindihan nila ang kadahilanan sa pagkalikha ng mga nilikha.

6. Katiyakan, sa pagpapalit-palit ng gabi at araw at sa paglikha ng mga kalangitan at kalupaan ay nandoroon ang mga kamangha-manghang paglikha, at ang anumang nasa dalawang bagay na ito na kagandahan at ang nasa pagiging ganap na kaayusan ng mga ito, ay mga palatandaan at malinaw na katibayan sa mga taong natatakot sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang galit.

7. Katiyakan, ang mga yaong hindi naghahangad na makipagtagpo sa Amin sa Huling Araw sa paghuhukom, at ang anumang kasunod nito na pagbabayad sa anumang gawain dahil sa kanilang pagtanggi at hindi paniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli, na sila ay nakuntento na lamang sa maka-mundong buhay bilang kapalit ng buhay sa Kabilang-Buhay at naging panatag na sila rito, at ang mga yaong kinalimutan ang Aming mga palatandaan at Aming mga batas mula sa Aming mga nilikha.

8. Sila, ang kanilang patutunguhan ay Impiyernong-Apoy sa Kabilang-Buhay; bilang kabayaran sa anuman na kanilang natamo rito sa daigdig na mga kasalanan at mga pagkakamali.

9. Katiyakan, ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at gumawa ng mga kabutihan ay gagantimpalaan sila ng Allâh (ﷻ) ng dakilang gantimpala dahil sa kanilang paniniwala, at gagabayan sila ng Allâh (ﷻ) tungo sa Kanyang '*Al-Jannah*' (Hardin), na umaagos sa ilalim nito ang mga ilog sa mga Hardin ng kaligayahan.

10. Ang kanilang mga panalangin sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ay pagpupuri sa pamamagitan ng pagbigkas ng '***Sub-hâ-na-ka Allâ-hum-ma***' – Luwalhati sa Iyo na aming Allâh (ﷻ) na Kataas-taasan na Ikaw ay malayo o ligtas sa anumang kakulangan at pangangailangan, – at ang pagbati sa kanila ng Allâh (ﷻ) at ng mga anghel, at ang pagbabati nila sa isa't isa sa '*Al-Jannah*' ay '*Salâm*' (kapayapaan), at ang dulo ng kanilang panalangin ay pagsasabi ng '***Al-ham-du-lil-lâ-hi Rab-bil `Â-la-mîn***' – ang pasasalamat at papuri ay sa Allâh (ﷻ) lamang na lumikha ng lahat ng mga nilalang at pinapangasiwaan ito sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.

11. Kung mamadaliin lamang ng Allâh (ﷻ) ang katugunan sa panalangin ng mga tao na masama habang sila ay nagagalit na katulad ng Kanyang pagmamadali sa pagtugon sa kanilang mabuting panalangin ay mawawasak sila, na kung kaya, pinababayaan Namin ang mga yaong hindi natatakot sa parusa at hindi naniniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sa kanilang paghihimagsik at sa kanilang pagmamataas na sila ay patuloy sa kanilang pagkaligaw.

12. Kapag may nangyaring sakuna sa isang tao ay humihingi siya ng saklolo sa Amin upang paginhawahin siya, na nakahigang nakatagilid sa isang bahagi niya, o di kaya ay nakaupo o di kaya ay nakatayo, ayon sa kung ano ang kanyang katayuan noong dumating sa kanya ang sakuna.

Subali't noong inialis Namin sa kanya ang sakuna na dumating sa kanyang buhay ay nagpatuloy pa rin siya sa kanyang maling kinaugalian bago dumating sa kanya ang sakuna, at nakalimutan niya ang anumang paghihirap at mga pagsubok na nangyari sa kanya, at hindi siya nagpasalamat sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha na nagligtas sa kanya mula sa sakuna na nangyari, na kung paano pinaganda sa taong ito na magpatuloy sa kanyang paglabag at pagmamatigas pagkatapos siyang iligtas ng Allâh (ﷻ) sa sakunang nangyari sa kanya ay ganoon din pinaganda sa mga nagmalabis sa kanilang pagtanggi sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo ang kanilang ginagawang paglabag at pagsamba ng iba bukod sa Allâh.

13. At katiyakan, pinuksa Namin ang mga sambayanan na tinanggihan ang mga Sugo ng Allâh na nauna sa inyo, O kayo na mga '*Mushrikûn*,' noong sila ay sumamba ng iba, at dumating sa kanila ang mga Sugo na mula sa Allâh (ﷻ) na dala-dala nila ang mga malilinaw na himala at mga katibayan, na nagpapatunay sa kanilang mga dalang mensahe, at kailanman ay hindi naniwala ang mga sambayanang yaon sa mga Sugo at hindi nila sila pinaniwalaan, na kung kaya, sila ay karapat-dapat sa kapahamakan, samakatuwid, ganoon Namin pinuksa ang mga lumabag sa hangganang itinakda ng Allâh.

14. Pagkatapos, ginawa Namin kayo, O kayong mga tao, na kahalili rito sa kalupaan pagkalipas ng maraming henerasyon; upang mapatunayan kung ano ang inyong gagawin: mabuti ba o masama, at doon Namin kayo gagantimpalaan ayon sa inyong nagawa.



15. At kapag binigkas sa mga walang pananampalataya ang mga talata ng Allâh na ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na mga malilinaw, sasabihin ng mga yaong hindi natatakot sa Araw ng Paghuhukom at hindi naghahangad ng gantimpala at hindi naniniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay, "*Magpakita ka sa amin ng ibang Qur'ân o di kaya ay palitan mo ang Qur'ân na ito*, *na gawin mong* '*halâl*' *ang* '*harâm*,' *na ang* '*harâm*' *ay* '*halâl*,' *at ang pangako ay babala at ang babala ay pangako*, *at baguhin mo ang katuruan*, *na alisin mo ang anumang nakasaad na paninira sa aming mga sinasamba at pangungutya sa aming talino*," sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *ito ay hindi para sa aking pagpapasiya*, *bagkus kung anuman ang ipinag-uutos ko sa inyo at ipinagbabawal ay sa kadahilanang sinusunod ko lamang ang kung ano ang ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *sa akin at Kanyang ipinag-utos sa akin*, *at katiyakang natatakot ako sa Allâh* (ﷻ) *kung sasalungatin ko ang Kanyang kagustuhan*, *na ako ay Kanyang paparusahan pagdating ng Dakilang Araw – ang Araw ng Muling Pagkabuhay*."

16. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Kung nanaisin lamang ng Allâh* (ﷻ) *ay hindi ko bibigkasin sa inyo ang Dakilang Qur'ân na ito at hindi ko ito ipaaalam sa inyo*, *subali't dapat ninyong mabatid na ang katotohanan ay nagmumula lamang sa Allâh* (ﷻ), *at katiyakang batid ninyo na ako ay nanatili sa inyo nang matagal na panahon bago ito ipinahayag sa akin ng aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at bago ko ito binigkas sa inyo*, *hindi ba ninyo ginagamit ang inyong mga kaisipan upang mag-isip?*"

17. Sino pa ba ang hihigit ang kasamaan kaysa sa isa na nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh o pinasinungalingan ang Kanyang mga Talata? Katiyakan, hindi magtatagumpay ang sinumang pinasinungalingan ang mga Propeta ng Allâh at ang Kanyang mga Sugo at kailanman ay hindi sila magkakamit ng tagumpay!

18. At sila na mga walang pananampalataya ay sumasamba ng iba bukod sa Allâh, na hindi man lang makapipinsala sa kanila at hindi man lamang makapagbibigay ng kapakinabangan sa kanila rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay at sinasabi nila:

"*Katiyakan*, *sinasamba lamang namin ito upang mamagitan sa amin sa Allâh*," sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Gusto ba ninyong pagsabihan ang Allâh* (ﷻ) *na hindi Niya batid ang hinggil sa inyong mga inaangkin na mga tagapamagitan na nasa kalangitan o di kaya ay sa kalupaan? Dahil katiyakan*, *kung mayroon mang tagapamagitan sa kalangitan at kalupaan na mamamagitan sa inyo roon sa Allâh* (ﷻ) *ay tiyak na nababatid Niya* (ﷻ) *ito nang ganap kaysa sa inyo*." '***Subhânahu wa Ta`alâ***' – Luwalhati sa Allâh (ﷻ) at Kataas-Taasan, na Siya ay ligtas sa anumang kalapastanganan na ginagawa ng mga walang pananampalataya na pagsamba ng iba, na di man lamang nakapipinsala ni nakapagdudulot ng anumang kapakinabangan.

19. Ang sangkatauhan noon ay iisa lamang ang kanilang '*Deen*' (isinaling Relihiyon) at ito ay ang Islâm, pagkatapos sila ay nagkasalungatan pagkatapos nito, dahil tumanggi ang iba sa kanila at nanatili naman sa katotohanan ang iba sa kanila, kung hindi lamang nauna nang nakatala ang salita ng Allâh (ﷻ) na iaantala Niya ang kaparusahan sa mga lumabag at hindi muna sila mamadaliin na parusahan dahil sa kanilang kasalanan, ay agad na pinagpasiyahan na ang anumang nasa pagitan nila; na puksain o parusahan ang mga nasa kamalian at iligtas naman ang mga nasa katotohanan.

20. At sinasabi nila na mga walang pananampalataya na tumanggi: "*Bakit hindi nagpahayag kay Muhammad ng kaalaman at malinaw na katibayan mula sa Kanyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na sa pamamagitan nito ay mababatid namin kung sino ang totoo sa kanyang sinasabi*," sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Walang sinuman ang nakaaalam ng lihim maliban sa Allâh* (ﷻ), *na kung nanaisin Niya ang anuman ay gagawin Niya ito at kung hindi Niya nanaisin ang anuman ay hindi Niya ito gagawin*, *na kung kaya*, *abangan na lamang ninyo ang hatol ng Allâh sa pagitan namin at sa pagitan ninyo*, *upang agad na maparusahan ang sinumang mali sa atin*, *at itaguyod ang sinumang nasa katotohanan*, *dahil sa ako ay katiyakang nag-aabang din*."

21. At kapag ipinaranas Namin ang Aming habag sa mga walang pananampalataya na sila ay nakaligtas at nakaluwag pagkatapos ng kahirapan at mga sakuna na dumating sa kanila, pagkatapos nito ay muli na naman silang tatanggi, at nilalait nila ang mga talata ng Allâh, sabihin mo sa kanila na mga walang pananampalataya na nanlalait, O Muhammad (ﷺ): "*Ang Allâh* (ﷻ) *ay mas mabilis ang Kanyang panukala upang luwagan kayo nang sa gayon ay hindi ninyo mamamalayan na kayo ay pinaparusahan*." Katiyakan, ang mga Sugo na nagtatala na ipinadala Namin sa inyo ay isinusulat ang inyong mga masamang balakin sa Aming mga talata, pagkatapos Kami naman ang makikipagtuos sa inyo.

22. Walang sinuman kundi Siya, ang Allâh (ﷻ), ang nagsanhi na kayo ay maglakbay sa kalupaan sa pamamagitan ng mga sasakyang hayop at iba pa, at sa karagatan naman ay sa pamamagitan ng mga sasakyang-pandagat, hanggang sa kapag kayo ay nandoon na at ang inyong sasakyan ay naglalayag sa pamamagitan ng kaiga-igayang hangin at natutuwa ang mga nakasakay dito dahil sa mabuting simoy ng hangin, na pagkatapos ay darating naman sa sasakyang-pandagat na ito ang malakas na hangin at mararanasan ng mga nakasakay ang mga malalakas na alon mula sa iba't ibang dako, at natitiyak nila na sila ay hindi ligtas sa kapahamakan, kaya sila ay magsusumamo sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) nang taimtim, at kalilimutan nila kung anuman ang dati nilang sinasamba, at kanilang sasabihin: "*Kapag iniligtas Mo kami mula sa kapahamakang ito na inabot namin ay walang pag-aalinlangan na magpapasalamat kami sa Iyo*, *sa Iyong mga biyaya*."

23. Subali't nang sila ay iniligtas ng Allâh (ﷻ) mula sa kapahamakan at panganib na yaon, ay mamiminsala na naman sila at gagawa ng mga kasalanan dito sa kalupaan. O kayong mga tao! Ang parusa na nangyari sa inyo ay dahil din sa inyong mga sariling pinaggagawa. Ang inyong pagtanggi sa Allâh ay laban lamang sa inyong mga sarili, – isang pansamantalang kaligayahan sa makamundong buhay na ito, pagkatapos kayo ay ibabalik at tutungo sa Amin, upang sabihin Namin sa inyo ang lahat ng inyong ginawa at kayo ay Aming huhukuman.

24. Walang pag-aalinlangan, ang parabola (o kathang may aral) ng buhay dito sa daigdig at ang anumang ipinagmamalaki ninyo sa isa't isa na mga palamuti at

kayamanan ay katulad ng ulan na Aming ibinaba mula sa kalangitan tungo sa kalupaan, at tumutubo sa pamamagitan nito ang iba't ibang uri ng mga pananim, na nakahalo na mula rito ang pinagkukunan ng mga tao ng mga bunga, at ang anumang kinakain ng mga hayop na mga damo o mga luntian, na kapag sumibol na ang mga pananim ay lumilitaw ang kagandahan ng daigdig, at iniisip ng mga tao na kaya na nilang anihin at pakinabangan ang mga ito, subali't dumating ang Aming kautusan at pagpasiya na masira ang anumang nasa ibabaw ng kalupaan na mga pananim at mga palamuti, na kung hindi sa gabi ay sa araw, at ginawa Namin ang mga pananim at mga puno na masalanta at hindi maani, na para bagang walang sumibol dito noon, na kung kaya, ganoon dumating ang pagkawala ng anumang ipinagmamalaki ninyo na makamundong buhay at ng mga palamuti nito, na aalisin ng Allâh (ﷻ) at Kanyang sisirain.

Ganito ang pagpapaliwanag Namin sa inyo na mga tao hinggil sa katotohanan ng makamundong buhay, na ipinaliliwanag Namin ang Aming mga katibayan at mga palatandaan sa mga tao na pinag-iisipan ang mga talata ng Allâh, at ang anuman na kanilang pakikinabangan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay

25. At ang Allâh (ﷻ) ay hinihikayat kayo tungo sa Kanyang mga Hardin ('*Al-Jannât*') na Kanyang inihanda sa Kanyang '*awliyâ*'' – taong malalapit sa Kanya, at ginabayan Niya ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga nilikha tungo sa Matuwid na Daan na ito ay ang Islâm.

26. Para sa mga mananampalataya na kanilang pinagbuti ang pagsamba sa Allâh (ﷻ) na kung kaya sinunod nila ang batas ng Allâh (ﷻ) sa pag-uutos at pagbabawal, para sa kanila ay '*Al-Jannah*' (Hardin) at karagdagan pa na higit kaysa rito, na ito ay ang pagharap nila sa Mukha ng Allâh (ﷻ) sa '*Al-Jannah*,' at ang kapatawaran at pagmamahal. Hindi matatakpan ang kanilang mga mukha ng kadiliman ni alikabok at hindi sila mamaliitin na katulad ng mangyayari sa mga nasa Impiyerno. Na sila na nagtatangan ng mga ganitong katangian ay mga maninirahan sa '*Al-Jannah*,' na roon sila mananatili magpasawalang-hanggan.

27. Ang mga yaong gumawa ng kasamaan dito sa daigdig na sila ay tumanggi at lumabag sa Allâh, para sa kanila ang kabayaran sa kanilang masamang gawain, na ito ay ang kaparusahan ng Allâh sa Kabilang-Buhay, matatakpan sila ng pagkahamak at kadiliman bilang pagbabalewala at pagsasawalang-halaga sa kanila, at walang sinuman ang makapipigil sa kaparusahan ng Allâh sa kanila kapag sila ay pinarusahan, na ang kanilang mga mukha ay parang sinakluban ng kadiliman ng gabi. At sila ay maninirahan sa Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan.

28. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang Araw na titipunin Namin ang lahat ng mga nilikha para sa Paghuhukom at Pagbabayad, pagkatapos ay sasabihin Namin sa mga '*Mushrikûn*' – nagtambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh: "*Manatili kayo sa inyong kinaroroonan*, *kayo at ang inyong sinamba na iba bukod sa Allâh*, *hanggang sa makita ninyo kung ano ang gagawin sa inyo*," kaya paghihiwalayin Namin ang mga sumamba sa iba bukod sa Allâh na mga '*Mushrikûn*' at ang kanilang mga sinamba, at itatanggi ng sinamba nila bukod sa Allâh, ang ginawa nilang pagsamba sa kanila, at kanilang sasabihin sa mga '*Mushrikin*' na mga sumamba ng iba bukod sa Allâh: "*Hindi kami ang inyong sinamba noon sa daigdig*."

29. "(*Ang tinutukoy dito ay pagsamba ng tao sa tao*) *Na kung kaya*, *sapat na ang Allâh* (ﷻ) *bilang testigo sa pagitan namin at sa inyo*, *na katiyakan*, *kami ay hindi namin alam kung ano sinasabi ninyo at ginagawa*, *at katotohanan lingid sa aming kaalaman ang inyong ginagawang pagsamba sa amin*, *at ito ay hindi namin namalayan*."

30. Doon sa himpilang yaon sa paghuhukom ay susuriin ang bawa't isa sa kanyang naging katayuan at gawain noon at ito ay kanyang matitiyak, at siya ay pagbabayarin ayon dito: kung mabuti ay mabuti at kung masama naman ay masama rin, at ibabalik ang lahat sa Allâh (ﷻ) na Makatarungang Hukom, at papapasukin ang maninirahan sa '*Al-Jannah*' sa '*Al-Jannah*' at ang mga maninirahan naman sa Impiyerno ay sa Impiyerno, at maglalaho ang mga sinasamba ng mga '*Mushrikûn*,' na inimbento lamang nila laban sa Allâh.

31. Sabihin mo sa kanila na mga '*Mushrikin*,' O Muhammad (ﷺ): "*Sino ang nagbibigay ng kabuhayan sa inyo mula sa kalangitan sa pamamagitan ng pagpapababa Niya ng ulan*, *at mula sa kalupaan sa pamamagitan ng pagpapatubo Niya ng iba't ibang uri ng mga pananim at mga puno na ikinabubuhay ninyo*, *kayo at ang inyong mga inaalagaang hayop? At sino ang nagmamay-ari ng mga pinakikinabangan ninyo*, *kayo at ang mga iba*, *na pandinig at paningin? At sino ba ang kumukuntrol na nagmamay-ari ng buhay at pagkamatay sa buong daigdig*, *na nagsasanhi ng pagkakaroon ng buhay sa mga walang buhay at kamatayan sa mga may buhay*, *at sa mga bagay na alam ninyo na mga nilikha at saka sa mga hindi ninyo alam? At sino ang nangangasiwa sa kalangitan*, *at kalupaan at sa mga nasa loob nito*, *at sa inyo at sa lahat ng mga nilikha?*" Walang pag-aalinlangan, sasabihin nila sa iyo na ang gumagawa ng lahat ng ito ay ang Allâh (ﷻ), kung gayon ay sabihin mo sa kanila, "*Hindi ba kayo natatakot sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ) *dahil sa inyong pagtatambal o pagsamba ng iba bukod sa Kanya?*"

32. Ganito ang Allâh (ﷻ), ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na makatotohanan, na walang pag-aalinlangan, na bukod-tangi na may karapatan lamang na sambahin, na wala Siyang katambal, na kung kaya, mayroon pa bang kaiba sa katotohanan maliban sa pagkaligaw? Na kung kaya, paano ninyo itinuon ang pagsamba sa iba sa halip na para lamang sa Kanya?

33. Kung paano tumanggi sa katotohanan ang mga '*Mushrikûn*' at patuloy sa kanilang pagsamba ng iba, ay naisakatuparan ang salita ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, ang Kanyang batas at pagpasiya sa mga yaong lumabag sa pagsunod sa kanilang '*Rabb*' tungo sa pagkakasala at sila ay tumanggi sa Kanya dahil sa hindi nila pinaniwalaan ang Kanyang Kaisahan, at hindi sila naniwala sa pagiging Propeta ng Kanyang Propeta na si Muhammad (ﷺ), at hindi nila ipinapatupad ang Kanyang katuruan.



34. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Mayroon ba sa inyong mga sinasambang diyus-diyusan ang nagpasimula sa paglikha ng anumang bagay na walang pinagmulan*, *pagkatapos itong likhain ay sasanhiin niya itong maglahong muli*, *at pagkatapos ay uulitin niya itong muli na katulad ng pagkalikha niya nito sa una? Katiyakang hindi nila ito kayang angkinin*," kung gayon, sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi ay Siya lamang ang maaaring gumawa nito*, *at pagkatapos Niya itong sanhiin na maglaho ay ibabalik Niya ito na katulad nang una Niyang pagkalikha rito*, *kung gayon*, *paano ninyo tinatanggihan ang Daan ng Katotohanan tungo sa kamalian na ito ay ang pagsamba ng iba bukod sa Allâh?*"

35. Sabihin mo sa kanila na mga '*Mushrikin*,' O Muhammad (ﷺ): "*Mayroon ba sa inyong mga itinatambal sa pagsamba sa Allâh na makagagabay tungo sa Matuwid na Landas? Katotohanang ito ay hindi nila kayang angkinin*," kung gayon, sabihin mo sa kanila: "*Ang Allâh* (ﷻ) *na Bukod-tangi ang gumagabay sa naligaw ng landas tungo sa katotohanan*. *Sino kung gayon ang karapat-dapat na sinusunod*: *Siya ba na Bukod-Tanging nakagagabay lamang sa katotohanan o siya na hindi man lamang makapagturo ng anumang patnubay dahil wala siyang alam at siya ay ligaw*, *na ito ay yaong mga itinatambal o sinasamba ninyo bukod sa Allâh na hindi man lamang makapagtuturo ni ang kanyang sarili ay hindi niya kayang gabayan kung walang gagabay sa kanya? Na kung kaya*, *paano niya pinagpantay ang pagitan ng Allâh* (ﷻ) *at ng Kanyang nilikha? Dahil ito ay maling pagpapasiya.*"

36. At ang karamihan sa kanila na mga '*Mushrikin*' sa pagturing nila sa mga rebultong ito na mga sinasamba at ang kanilang paniniwala na ito ay magpapalapit sa kanila sa Allâh (ﷻ), ay wala silang sinusunod sa ganitong panuntunan kundi haka-haka lamang nila na walang pinagbabatayan, sapagka't hindi ito makapapantay ni katiting sa katotohanan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '**`*Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa anumang ginagawa ng mga '*Mushrikûn*' na paglabag at pagtanggi.

37. At kailanman ay hindi makapagpapalitaw ang sinuman bukod sa Allâh ng tulad nitong Qur'ân, dahil sa katiyakan, walang sinuman ang may kakayahan nito sa alinman sa Kanyang mga nilikha, subali't ang Allâh (ﷻ), ito'y Kanyang ipinahayag

bilang patotoo sa mga Aklat na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga Propeta noon; dahil walang pag-aalinlangan na ang '*Deen*' ng Allâh (ﷻ) ay nag-iisa, at ang nilalaman ng Dakilang Qur'ân ay ganap na kapaliwanagan sa batas ng Allâh na Kanyang ipinag-utos sa sambayanan ni Muhammad (ﷺ), na walang pag-aalinlangan na ang Dakilang Qur'ân ay Rebelasyon mula sa Allâh (ﷻ) na '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang.

38. O sinasabi ba nila: "*Katunayan*, *ang Qur'ân na ito ay sariling gawa lamang ni Muhammad? Gayong sa katotohanan ay batid nila na siya* (*Muhammad* ﷺ) *ay tao lamang na katulad din nila!*" Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Gumawa sila ng isang* '*sûrah*' *o kabanata na katulad ng taludtod ng Dakilang Qur'ân at ng katuruan* (*nito*), *at magpatulong kayo sa sinumang may kakayahan na tumulong sa inyo bukod sa Allâh*, *tao man ito o* '*jinn*,' *kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin*."

39. Hindi nila ito makakayanang pantayan! Kundi sila ay nagmadali na pasinungalingan ang Kabanal-banalan na Qur'ân sa kauna-unahang pagkarinig pa lamang nila rito, at bago nila pag-aralan ang mga talata nito, at hindi nila pinaniwalaan ang anumang hindi inabot ng kanilang kaalaman na katulad ng Pagkabuhay na Mag-uli, Paghuhukom, '*Al-Jannah*,' Impiyernong-Apoy at iba pa, dahil sa hindi pa dumating sa kanila ang katotohanan hinggil sa anumang ipinangako sa kanila na nasa Aklat. At kung paano pinasinungalingan ng mga '*Mushrikûn*' ang babala ng Allâh (ﷻ) ay ganoon din ang mga naunang tao sa kanila, na kung kaya, tingnan mo, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang mapapala ng mga masasama. Katiyakan, pinuksa ng Allâh (ﷻ) ang iba sa kanila sa pamamagitan ng paglamon sa kanila ng kalupaan, at ang iba naman sa pamamagitan ng pagkalunod, at ang iba naman ay ibang kaparusahan.

40. Mayroon sa mga sambayanan mo, O Muhammad (ﷺ), ang naniniwala sa Dakilang Qur'ân, at mayroon din naman sa kanila ang hindi naniniwala hanggang sa siya ay namatay nang ganito at bubuhayin na mag-uli na ganito rin, at ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang ''***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa mga masasama na hindi naniniwala dahil sa sukdulang kasamaan, paghihimagsik at pamiminsala, at sila ay pagbabayarin dahil sa kanilang pamiminsala at kasamaan ng matinding kaparusahan.

41. At kung tinanggihan ka, O Muhammad (ﷺ), ng mga '*Mushrikûn*' na iyan ay sabihin mo sa kanila: "*Sa akin ang aking Relihiyon at aking gawa*, *at sa inyo naman ang inyong relihiyon at inyong gawa*, *at kayo ay hindi pagbabayarin sa anuman na aking nagawa*, *at ako naman ay hindi rin pagbabayarin sa anuman na inyong nagawa.*"

42. At mayroon sa mga walang pananampalataya na naririnig ang sinasabi mong katotohanan, at ang pagbibigkas ng Dakilang Qur'ân, subali't sila ay hindi nagagabayan. Kung gayon, may kakayahan ka ba na parinigin ang bingi? Katotohanan na wala kang kakayahan na gabayan ang mga iyan, maliban sa kung nanaisin ng Allâh (ﷻ) na sila ay gabayan, dahil sa sila ay bingi sa pagdinig ng katotohanan at hindi nila iniintindi.


وَمِنْهُم مَّن يَنظُرُ إِلَيْكَ ۚ أَفَأَنتَ تَهْدِى ٱلْعُمْىَ وَلَوْ كَانُوا۟
لَا يُبْصِرُونَ ﴿٤٢﴾ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَظْلِمُ ٱلنَّاسَ شَيْـًٔا وَلَٰكِنَّ
ٱلنَّاسَ أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ ﴿٤٤﴾ وَيَوْمَ يَحْشُرُهُمْ كَأَن لَّمْ يَلْبَثُوٓا۟ إِلَّا
سَاعَةً مِّنَ ٱلنَّهَارِ يَتَعَارَفُونَ بَيْنَهُمْ ۚ قَدْ خَسِرَ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِلِقَآءِ ٱللَّهِ
وَمَا كَانُوا۟ مُهْتَدِينَ ﴿٤٥﴾ وَإِمَّا نُرِيَنَّكَ بَعْضَ ٱلَّذِى نَعِدُهُمْ أَوْ نَتَوَفَّيَنَّكَ
فَإِلَيْنَا مَرْجِعُهُمْ ثُمَّ ٱللَّهُ شَهِيدٌ عَلَىٰ مَا يَفْعَلُونَ ﴿٤٦﴾ وَلِكُلِّ
أُمَّةٍ رَّسُولٌ ۖ فَإِذَا جَآءَ رَسُولُهُمْ قُضِىَ بَيْنَهُم بِٱلْقِسْطِ وَهُمْ
لَا يُظْلَمُونَ ﴿٤٧﴾ وَيَقُولُونَ مَتَىٰ هَٰذَا ٱلْوَعْدُ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ
﴿٤٨﴾ قُل لَّآ أَمْلِكُ لِنَفْسِى ضَرًّا وَلَا نَفْعًا إِلَّا مَا شَآءَ ٱللَّهُ ۗ لِكُلِّ أُمَّةٍ
أَجَلٌ ۚ إِذَا جَآءَ أَجَلُهُمْ فَلَا يَسْتَـْٔخِرُونَ سَاعَةً وَلَا يَسْتَقْدِمُونَ ﴿٤٩﴾
قُلْ أَرَءَيْتُمْ إِنْ أَتَىٰكُمْ عَذَابُهُۥ بَيَٰتًا أَوْ نَهَارًا مَّاذَا يَسْتَعْجِلُ مِنْهُ
ٱلْمُجْرِمُونَ ﴿٥٠﴾ أَثُمَّ إِذَا مَا وَقَعَ ءَامَنتُم بِهِۦٓ ءَآلْـَٰٔنَ وَقَدْ كُنتُم بِهِۦ
تَسْتَعْجِلُونَ ﴿٥١﴾ ثُمَّ قِيلَ لِلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ ذُوقُوا۟ عَذَابَ ٱلْخُلْدِ
هَلْ تُجْزَوْنَ إِلَّا بِمَا كُنتُمْ تَكْسِبُونَ ﴿٥٢﴾ ۞ وَيَسْتَنۢبِـُٔونَكَ
أَحَقٌّ هُوَ ۖ قُلْ إِى وَرَبِّىٓ إِنَّهُۥ لَحَقٌّ ۖ وَمَآ أَنتُم بِمُعْجِزِينَ ﴿٥٣﴾

43. At mayroon sa mga walang pananampalataya na pinagmamasdan ka at nakikita ang mga katibayan ng iyong pagka-Propeta na totoo, subali't hindi niya nakikita ang ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa iyo na Liwanag ng Paniniwala, na kung kaya, may kakayahan ka ba na maipakita ang gabay sa mga bulag upang sila ay mapatnubayan? Walang pag-aalinlangan, na wala sa kakayahan mo na gabayan sila kung sila ay wala sa pagkakaunawa nito, kundi bukod-tangi na ang nagsasanhi nito ay ang Allâh (ﷻ) lamang.

44. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya dinadaya nang kahit na kaunti ang sinumang tao na tulad ng pagdaragdag ng kaparusahan sa kanila o pagbabawas ng kanilang kabutihan, kundi ang mga tao mismo ang nagmamali sa kanilang mga sarili dahil sa kanilang pagtanggi at paglabag sa kagustuhan ng Allâh.

45. At sa Araw na titipunin ng Allâh (ﷻ) ang mga '*Mushrikûn*,' sa Araw ng Muling Pagkabuhay at Paghuhukom, na para bang hindi sila nanatili rito sa buhay sa daigdig kundi isang oras lamang na kabahagi ng isang araw, magkakakilanlan sila sa isa't isa na katulad ng pagkakakilala nila sa isa't isa rito sa daigdig, pagkatapos ay biglang naputol ang kanilang ugnayan at ang kanilang pagkakakilanlan sa isa't isa (dahil sa tindi ng pangyayari). Walang pag-aalinlangan, natalo ang mga yaong tinanggihan nila ang paniniwala sa Allâh, sa Kanyang gantimpala at kaparusahan, at hindi sila nagabayan.

46. Ipakita man Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), habang ikaw ay nabubuhay ang ipinangako Naming parusa sa kanila rito sa daigdig, o di kaya ay sanhiin Namin na ikaw ay mamatay muna bago ito maipakita sa iyo, (kahit alin ang mangyari sa dalawang ito) magkagayunpaman sa Amin pa rin ang kanilang pagbabalik, pagkatapos noon, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Shaheed***' – Testigo sa lahat ng kanilang mga ginawa rito sa daigdig, at walang anumang naililihim sa Kanya, pagkatapos, sila ay pagbabayarin Niya ng angkop na kabayaran para sa kanila.

47. At sa bawa't sambayanan na nauna sa inyo, O kayong mga tao, ay mayroong Sugo na ipinadala sa kanila na katulad pagkakapadala Ko kay Muhammad (ﷺ) sa inyo, upang kayo ay akayin tungo sa '*Deen*' (o Relihiyon) ng Allâh at sa pagsunod sa

Kanya, at kapag dumating ang Sugo nila sa Kabilang-Buhay ay doon huhukuman ang pagitan nila nang makatarungang paghuhukom, at sila ay hindi dadayain sa anumang pagbabayad na gagawin sa kanilang mga ginawa.

48. At sasabihin ng mga '*Mushrikûn*,' na mula sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ): "*Kailan pa ba mangyayari ang* '*As-sa`ah*' (*ang Oras ng pagkagunaw ng daigdig*) *kung ikaw at ang iyong mga tagasunod ay nagsasabi ng katotohanan ayon sa inyong mga ipinapangako sa amin?*"

49. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Hindi ko kayang ilayo sa kapahamakan ang aking sarili*, *at hindi ko rin kayang magdulot ng kapakinabangan maliban na lamang kung ninais ng Allâh* (ﷻ) *na ako ay mailayo sa kapahamakan o magkamit ng kapakinabangan. Sa bawa't sambayanan ay mayroon silang kani-kaniyang kapanahunan upang matapos ang pagkakatakda ng kanilang buhay o kamatayan*, *at kapag dumating ang panahon na yaon na nakatakda bilang katapusan ng kanilang buhay*, *ay hindi sila magkakaroon ng kakayahan na ito ay antalain ni iusad ito nang kahit na isang sandali*."

50. Sabihin mo sa kanila na mga '*Mushrikin*,' O Muhammad (ﷺ): "*Sabihin ninyo nga sa akin*, *kung dumating sa inyo ang parusa ng Allâh* (ﷻ) *sa gabi o sa araw*, *ano ba sa mga bahagi ng kaparusahan kung gayon ang inyong minamadali*, *O kayong mga masasama?*"

51. Pagkatapos pa bang dumating ang kaparusahan ng Allâh sa inyo, O kayong mga '*Mushrikun*' ay saka pa kayo maniniwala, gayong sa pagkakataong yaon ay wala na kayong pakikinabangan sa inyong paniniwala? At sasabihin sa inyo sa Araw na yaon: "*Ngayon lang ba kayo maniniwala samantalang noon ay ipinamamadali ninyo na dumating sa inyo ang kaparusahan?*"

52. Pagkatapos ay sasabihin sa mga masasama na minali nila ang kanilang mga sarili dahil sa kanilang pagtanggi sa Allâh: "*Lasapin ninyo ang parusa ng Allâh na walang katapusan*, *at paparusahan ba kayo nang bukod sa kabayaran sa kasamaan na inyong ginawa sa daigdig?*"

53. At tinatanong ka nila na mga '*Mushrikûn*,' O Muhammad (ﷺ), hinggil sa parusa sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kung ito ba ay totoo. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Oo! Sumusumpa ako sa aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na ito ay totoo na walang pag-aalinlangan*, *na kayo ay bubuhayin na mag-uli at pagbabayarin*, *at hindi kayo makatatakas ni makaliligtas sa Allâh dahil kayo ay nasa ilalim ng Kanyang kapangyarihan*."


وَلَوْ أَنَّ لِكُلِّ نَفْسٍ ظَلَمَتْ مَا فِي الْأَرْضِ لَافْتَدَتْ بِهِ ۗ وَأَسَرُّوا
النَّدَامَةَ لَمَّا رَأَوُا الْعَذَابَ ۚ وَقُضِيَ بَيْنَهُمْ بِالْقِسْطِ وَهُمْ
لَا يُظْلَمُونَ ﴿٥٤﴾ أَلَا إِنَّ لِلَّهِ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ ۗ أَلَا إِنَّ
وَعْدَ اللَّهِ حَقٌّ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٥٥﴾ هُوَ يُحْيِي وَيُمِيتُ
وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٥٦﴾ يَا أَيُّهَا النَّاسُ قَدْ جَاءَتْكُم مَّوْعِظَةٌ
مِّن رَّبِّكُمْ وَشِفَاءٌ لِّمَا فِي الصُّدُورِ وَهُدًى وَرَحْمَةٌ لِّلْمُؤْمِنِينَ
﴿٥٧﴾ قُلْ بِفَضْلِ اللَّهِ وَبِرَحْمَتِهِ فَبِذَٰلِكَ فَلْيَفْرَحُوا هُوَ خَيْرٌ مِّمَّا
يَجْمَعُونَ ﴿٥٨﴾ قُلْ أَرَأَيْتُم مَّا أَنزَلَ اللَّهُ لَكُم مِّن رِّزْقٍ
فَجَعَلْتُم مِّنْهُ حَرَامًا وَحَلَالًا قُلْ آللَّهُ أَذِنَ لَكُمْ أَمْ عَلَى اللَّهِ
تَفْتَرُونَ ﴿٥٩﴾ وَمَا ظَنُّ الَّذِينَ يَفْتَرُونَ عَلَى اللَّهِ الْكَذِبَ
يَوْمَ الْقِيَامَةِ ۗ إِنَّ اللَّهَ لَذُو فَضْلٍ عَلَى النَّاسِ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ
لَا يَشْكُرُونَ ﴿٦٠﴾ وَمَا تَكُونُ فِي شَأْنٍ وَمَا تَتْلُوا مِنْهُ مِن قُرْآنٍ
وَلَا تَعْمَلُونَ مِنْ عَمَلٍ إِلَّا كُنَّا عَلَيْكُمْ شُهُودًا إِذْ تُفِيضُونَ
فِيهِ ۚ وَمَا يَعْزُبُ عَن رَّبِّكَ مِن مِّثْقَالِ ذَرَّةٍ فِي الْأَرْضِ وَلَا فِي
السَّمَاءِ وَلَا أَصْغَرَ مِن ذَٰلِكَ وَلَا أَكْبَرَ إِلَّا فِي كِتَابٍ مُّبِينٍ ﴿٦١﴾

54. At kahit pagmamay-ari pa ng bawa't tao na sumamba ng iba at lumabag sa Allâh, ang lahat ng nasa kalupaan, at hahangarin niya itong ipantubos para sa kanya mismong sarili mula sa kaparusahan ng Allâh (subali't ito ay hindi tatanggapin sa kanya), at ililihim ng mga masasama ang kanilang pagsisisi sa kanilang mga kalooban kapag nakita na nila ang lahat ng kaparusahan ng Allâh na dumating sa kanila, at magpapasiya ang Allâh (ﷻ) sa kanila nang makatarungan, at sila ay hindi dadayain dahil ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya paparusahan ang sinuman kundi ayon din lamang sa kasalanan na kanyang nagawa.

55. Dapat mong mabatid na ang lahat ng nilalaman ng mga kalangitan at kalupaan ay bukod-tanging Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ), at walang anuman ang pagmamay-ari ng sinuman bukod sa Kanya. Dapat mong mabatid na ang pakikipagharap ng Allâh (ﷻ) at pagpaparusa sa mga nagtambal o sumamba ng iba ay katiyakang magaganap, subali't ang karamihan sa kanila ay hindi nila batid ang katotohanan hinggil dito.

56. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagbibigay ng buhay at nagsasanhi ng kamatayan, na hindi mahirap para sa Kanya na buhayin ang mga tao pagkatapos nilang mamatay na katulad din ng pagkamatay nila kapag ito ay Kanyang ninais, at sila ay babalik sa Kanya pagkatapos nilang mamatay.

57. O sangkatauhan! Katiyakang mayroong dumating sa inyo na isang mabuting payo mula sa Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na nagpapaalaala sa inyo hinggil sa kaparusahan ng Allâh at pinag-iingat kayo hinggil sa Kanyang babala, na ito ay ang Dakilang Qur'ân at ang anuman na nakasaad dito na mga pagpapayo upang ituwid ang inyong mga pag-uugali at ang inyong mga gawain, at nilalaman din nito ang lunas sa anumang nasa inyong mga kalooban (puso) na kamangmangan, paniniwala sa iba bukod sa Allâh at sa lahat ng uri ng mga sakit; at gabay sa sinumang susunod dito na mga tao upang sila ay iligtas sa kapahamakan, na itinalaga ito ng Allâh (ﷻ) bilang biyaya at awa sa mga mananampalataya, na ito ay bukod-tangi na para lamang sa kanila; dahil sila ang makikinabang nito dahil sa kanilang paniniwala, subali't ang mga walang pananampalataya ay hindi nila ito nakikita.

58. Sabihin mo sa lahat ng mga tao, O Muhammad (ﷺ): "*Sa Kagandahang-Loob ng Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang Awa*, *na ito ay ang dumating sa inyo na Islâm mula sa Allâh* (ﷻ) *na gabay at* '*Deen*' (*o Relihiyon*) *ng katotohanan*, *na kung kaya*, *dahil dito ay malugod kayo*; *sapagka't walang pag-aalinlangan na ito ay ang Islâm*, *na kung saan dito kayo inanyayahan ng Allâh* (ﷻ) *at ang Dakilang Qur'ân na ipinahayag Niya kay Muhammad*, *na higit pa sa kung anuman na nalikom ninyo mula sa mga makamundong bagay at kung anumang mga palamuti nito na may hangganan*."

59. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), na mga hindi naniwala sa Rebelasyon: "*Sabihin nga ninyo sa akin*, *ang hinggil sa kabuhayan na ipinagkaloob ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo na tulad ng mga hayop*, *mga pananim at ang mga mababuting kabuhayan na ipinahintulot ninyo sa inyong sarili ang iba at ang iba naman ay ipinagbawal ninyo*," sabihin mo sa kanila: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ba ang Siyang nagpahintulot sa inyo na gawin ito*, *o nagsasabi lang kayo ng kasinungalingan laban sa Allâh na wala kayong karapatan?*"

60. Ano kaya sa tingin nila ang gagawin ng Allâh (ﷻ) sa kanila, sila na mga nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na dinaragdagan nila ang batas ng pagbabawal sa hindi ipinagbawal ng Allâh na kabuhayan, ano kaya ang gagawin ng Allâh (ﷻ) sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay dahil sa kanilang pagsisinungaling laban sa Allâh? Iniisip ba nilang sila ay patatawarin ng Allâh? Katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ang Punung-Puno ng kagandahang-loob sa Kanyang nilikha na hindi muna Niya pinaparusahan kaagad dito sa daigdig at pinapabayaan muna Niya ang sinumang nagsinungaling laban sa Kanya, subali't ang karamihan sa mga tao ay hindi tumatanaw ng utang na loob sa anumang kagandahang-loob sa kanila ng Allâh.

61. Anuman ang iyong ginagawa, O Muhammad (ﷺ), sa iyong mga sariling gawain, at kung anuman ang iyong binibigkas mula sa Kabanal-banalan na Qur'ân na mga talata, at kung anuman ang ginawa ng sinuman sa iyong sambayanan na mabuting gawain o masama, ay tiyak na nababatid Namin ito at Kami ay nakamasid habang ito ay inyong ginagawa, at ito ay itinala Namin para sa inyo at gagantihan Namin kayo para rito, at walang anuman ang nailililihim sa kaalaman ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), na kahit na kasinliit ng atomo (o '*atom*'), dito sa kalupaan at gayundin sa mga kalangitan. Kahit na maliit pa o malaki kaysa rito ay nakatala ito nang malinaw sa Aklat na nasa Allâh (ﷻ) dahil saklaw ng Kanyang Kaalaman ang lahat at ito ay itinala ng Kanyang panulat.

62. Dapat ninyong mabatid na katiyakan, ang mga '*Awliyâ*`' ng Allâh ay wala silang dapat na katakutan sa Kabilang-Buhay na kaparusahan ng Allâh, at wala silang dapat na ikalungkot sa anuman na hindi nila nakamtan na makamundong buhay.

63. At sila na mga malalapit sa Allâh, ang kanilang katangian ay naniwala sila sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo at sa anuman na kanyang dinala na kautusan mula sa Allâh (ﷻ), at sila ay natatakot sa Allâh sa pamamagitan ng pagsunod nila sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.

64. Para sa kanila na malalapit sa Allâh, ang magandang balita mula sa Allâh (ﷻ), dito sa daigdig na kalugud-lugod para sa kanila, at sa Kabilang Buhay naman ay '*Al-Jannah*.' Hindi binabago ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang pangako, na ito sa katotohanan ang dakilang tagumpay; dahil saklaw nito ang kaligtasan mula sa anumang hindi kanais-nais at pagkakamit ng anumang kaluguran.

65. At huwag kang magdalamhati, O Muhammad (ﷺ), sa mga sinabi ng mga '*Mushrikin*' hinggil sa kanilang '*Rabb*' at sa kanilang pagsisinungaling laban sa Kanya at sa pagsamba nila ng mga diyus-diyusan; dahil walang pag-aalinlangan na ang Allâh (ﷻ) ang Bukod-Tangi na nagtatangan ng ganap na kapangyarihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, Siya ay '***As-Samee`***' – ang Ganap na Nakakarinig sa kanilang mga sinasabi, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa kanilang mga gawain at layunin.

66. Dapat mong mabatid na walang pag-aalinlangan, Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan, na mga anghel, mga tao, mga '*Jinn*' at iba pa. At ano ba talaga ang sinusunod ng mga yaong sumasamba at nananalangin sa iba bukod sa Allâh, na kanilang mga itinatambal at pinapanalanginan? Sa katotohanan, wala silang sinusunod kundi haka-haka at mga pala-palagay lamang gayong ang mga ito kailanman ay hindi maaaring ipanghalili sa katotohanan, at sila ay nag-iimbento lamang ng mga kasinungalingan hinggil sa anumang itinatangi nila sa Allâh.

67. Siya ang gumawa para sa inyo, O mga tao, ng gabi upang kayo ay makapagpahinga at maging panatag mula sa kapaguran sa inyong mga gawain na

paghahanap-buhay, at ginawa rin Niya para sa inyo ang araw (‘*day*’) upang maging lantad sa paningin ang mga bagay sa inyo at magsumigasig kayo upang makahanap ng kabuhayan. Katiyakan, sa pagbabagu-bago ng gabi at araw, at ang mga kalagayan ng mga tao (rito sa gabi’t araw na ito) ay tanda at mga katibayan na ang Allâh (ﷻ) ay Bukod-Tangi na may karapatan at karapat-dapat na sambahin, sa mga taong pinakikinggan ang mga ganitong katibayan at pinag-iisipan.

68. Sinabi ng mga ‘*Mushrikûn*:’ “*Ang Allâh ay nagkaroon ng anak na katulad ng kanilang sinabi*, *na ang mga anghel ay mga anak na kababaihan ng Allâh*, *o di kaya ay si Al-Masih* (*ang Messiah – Kristo*) *ay anak ng Allâh.*” Luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Siya ay malayo sa lahat ng ito! Siya ay ‘***Al-Ghanee***’ – ang Napakayaman na Ganap at Malaya sa lahat ng anumang pangangailangan, Pagmamay-ari Niya ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan, na kung kaya, paano Siya magkakaroon ng anak mula sa Kanyang mga nilikha, samantalang ang lahat ng mga bagay ay Pagmamay-ari Niya? At wala kayong katibayan sa anumang inaangkin ninyo na kasinungalingan, na kung kaya, nagsasabi ba kayo laban sa Allâh ng mga bagay na hindi ninyo alam ang katotohanan hinggil dito?

69. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): “*Katiyakan*, *ang mga yaong nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh na sinasabi nilang Siya ay nagkaroon daw ng anak na lalaki at binigyan nila ng katambal ang Allâh*, *ay wala silang mapapala na anuman dito sa daigdig at lalung-lalo na sa Kabilang-Buhay*.”

70. Ang matatamasa lamang nila dahil sa kanilang pagtanggi at pagsinungaling ay kaunting kaligayahan dito sa daigdig, pagkatapos ng kanilang kamatayan ay sa Amin sila magbabalik, na pagkatapos nito ay ipalalasap Namin sa kanila ang kaparusahan sa Impiyerno dahil sa kanilang pagtanggi sa Allâh at pagpapasinungaling sa Kanyang mga Sugo at paglabag sa Kanyang mga talata o katuruan.

71. Isalaysay mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga walang pananampalataya sa Makkah ang kuwento hinggil kay Nûh (عليه السلام) kasama ang kanyang sambayanan noong siya ay nagsabi sa kanila: "*Kung ang aking pananatili sa inyo para kayo ay paalalahanan sa mga katibayan at mga palatandaan ng Allâh* (ﷻ) *ay mabigat para sa inyo ay ipinauubaya ko na lamang ang aking sarili sa Allâh* (ﷻ), *at sa Kanya ko ipinagkakatiwala. Samakatuwid*, *ihanda ninyo ang inyong mga pakana*, *at tawagin ninyo ang inyong mga itinatambal o sinasamba na iba*, *pagkatapos ay huwag na ninyong ilihim ang inyong mga ginagawa bagkus ay ilantad na ninyo*, *pagkatapos ay magpasiya na kayo na ako ay inyong parusahan at saktan kung ito ay kaya ninyo*, *at huwag na ninyo akong pagbigyan pa ng kahit na isang oras man lamang na bahagi ng isang araw.*

72. "*At kapag tinanggihan ninyo ang aking paanyaya*, *samantalang ako sa katotohanan ay hindi humihingi sa inyo ng anumang kabayaran*; *kundi ang aking gantimpala ay nagmumula lamang sa aking* '*Rabb*,' *na Luwalhati sa Kanya na Bukod-Tangi na walang katambal*, *na ako ay inutusan na maging kabilang sa mga sumusuko at sumusunod sa Kanyang batas bilang isang Muslim*."

73. Subali't tinanggihan si Nûh (عليه السلام) ng kanyang sambayanan sa kanyang ipinarating na mensahe mula sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, iniligtas Namin siya at ang sinumang sumama sa kanya sa pamamagitan ng pagsakay sa sasakyang pantubig (Arka), at ginawa Namin sila na kahalili sa pangangasiwa rito sa kalupaan ng mga tumanggi sa katotohanan, at sinanhi Namin na malunod ang mga tumanggi sa Aming mga katibayan, na kung kaya, tingnan mo, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang naging hantungan (katapusan) ng mga tao na binalaan ng Sugo na ipinadala sa kanila hinggil sa kaparusahan ng Allâh?

74. Pagkatapos ay nagpadala Kami ng mga Sugo, pagkatapos ni Nûh (عليه السلام) tungo sa kanilang mga sambayanan – na katulad ng Sugong si Propeta Hûd (عليه السلام), Sâleh (عليه السلام), Ibrâhim (عليه السلام), Lût (عليه السلام) at Shu`ayb (عليه السلام) at iba pa – at dala-dala ng mga Sugong yaon sa kani-kanilang sambayanan ang mga himala na nagpapatunay sa kanilang mensahe at nagpapatotoo sa kanilang inihihikayat, subali't magkagayunpaman ay hindi pa rin sila naniwala`t sumunod sa anumang tinanggihan ng mga sambayanan ni Nûh at sa

sinumang nauna pa sa kanila na mga tao. Na kung kaya, kung paano isinara ng Allâh ang mga puso ng mga taong yaon kaya sila ay hindi na naniwala, ay ganoon din isasara ng Allâh ang mga puso ng sinumang katulad nila na darating pagkatapos nila, na mga lumabag sa batas o sa hangganang itinakda ng Allâh (ﷻ) at nilabag nila ang anumang mensahe na dala-dala ng Sugo na ipinadala sa kanila, bilang kaparusahan sa kanilang kasalanan.

75. Pagkatapos, ipinadala Namin kasunod ng mga Sugong yaon si Mousã (عليه السلام) at saka si Hâroun (عليه السلام) tungo kay Fir`âwn at sa mga namumuno sa kanyang sambayanan, na dala-dala nila ang mga himala na nagpapatotoo sa kanilang mga mensahe, subali't sila ay nagmataas at tinanggihan ang katotohanan (Fir`âwn at ang kanyang sambayanan), dahil sa sila ay mga makasalanan at pinasinungalingan ang katotohanan.

76. At nang dumating kay Fir`âwn at sa kanyang sambayanan ang katotohanan na dala-dala ni Mousã, ay kanilang sinabi: "*Katotohanan*, *ang dala ni Mousã na mga palatandaan ay malinaw na salamangka*."

77. Sinabi sa kanila ni Mousã na may pagkamangha sa kanilang sinabi: "*Sinasabi ba ninyo ang hinggil sa katotohanan na dumating sa inyo*, *na ito ay malinaw na salamangka? Tingnan ninyo ang katangian ng* (*pahayag na*) *dumating sa inyo at ang nilalaman nito dahil makikita ninyo na ito ay totoo. At kailanman ay hindi magtatagumpay ang mga salamangkero*, *at wala silang mapapala na anuman dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay*."

78. Sinabi ni Fir`âwn at ang mga namumuno sa kanyang sambayanan kay Mousã: "*Dumating ka ba para alisin kami sa aming kinagisnan sa aming mga ninuno sa pagsamba ng iba bukod sa Allâh*, *at upang kayong dalawa – ikaw at si Hâroun ay maging dakila at makilala rito sa kalupaan ng Ehipto? Na kung kaya*, *hindi kami maniwala na kayong dalawa ay mga Sugo na ipinadala sa amin*; *na para lamang masamba namin ang Allâh nang bukod-tangi at walang katambal*."

79. At sinabi ni Fir`âwn: "*Dalhin ninyo sa akin ang lahat ng mga bihasa at mga marurunong na mga salamangkero*."



80. Nang dumating ang mga salamangkero ni Fir`âwn, sinabi sa kanila ni Mousã: "*Ihagis ninyo sa lupa ang anumang dala-dala ninyo na mga lubid at mga tungkod*."

81. At nang inihagis nila ang kanilang mga lubid at mga tungkod, sinabi sa kanila ni Mousã (عليه السلام): "*Katiyakan*, *ang dala ninyo at ang inyong mga inihagis ay salamangka*, *katiyakan na ang Allâh* (سبحانه وتعالى) *ay aalisan Niya ng bisa ang anumang dala-dala ninyong salamangka. Walang pag-aalinlangan*, *ang Allâh* (سبحانه وتعالى) *ay hindi Niya itinutuwid ang gawain ng sinumang nagsusumigasig na gumawa sa kalupaan ng Kanyang kinamumuhian at namiminsala rito sa pamamagitan ng kanyang masasamang gawain.*"

82. "*At ang patatatagin ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *ay ang katotohanan na dala-dala ko sa inyo na mula sa Kanya at ito ay pahihintulutan Niya na mangibabaw laban sa inyong mga kamalian sa pamamagitan ng Kanyang mga Salita at Utos*, *kahit ito ay kamuhian ng mga makasalanan na mula sa pamilya ni Fir`âwn.*"

83. Subali't walang sinuman ang naniwala kay Mousã kahit dala-dala na niya ang mga katibayan at mga palatandaan kundi ang mga lahi lamang na mula sa kanyang sambayanan na mga angkan ni Isrâ`îl, dahil sa takot nila kay Fir`âwn at sa kanyang mga pinuno, na sila ay parusahan at pigilan mula sa kanilang relihiyon dahil katiyakang si Fir`âwn ay mapagmalupit at mapagmataas sa kalupaan, at siya sa katotohanan ay kabilang sa mga lumampas sa hangganan sa pagtanggi at sa pamiminsala.

84. At sinabi ni Mousã: "*O aking sambayanan*, *kapag kayo ay naniwala sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *ay magtiwala kayo sa Kanya at sumuko kayo sa Kanyang kagustuhan*, *at ipinaubaya ninyo ang inyong mga sarili sa Allâh*, *at samakatuwid*, *sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *lamang kayo dapat na magtiwala kung kayo ay tunay na sumusunod sa Kanyang kagustuhan bilang mga Muslim.*"

85. At kanilang sinabi kay Mousã: "*Sa Allâh* (ﷻ) *lamang kami na Bukod-Tangi na walang katambal nagtitiwala*, *na sa Kanya lamang namin ipinauubaya ang aming mga sarili*. *O Allah* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Huwag mong pahintulutang mangibabaw laban sa amin ang mga masasama*, *dahil ito ang magsasanhi na mapalayo kami mula sa aming* '*Deen.*'"

86. "*At iligtas Mo kami sa pamamagitan ng Iyong awa mula sa mga walang pananampalataya na si Fir`âwn at ang mga namumuno sa kanyang sambayanan*; *dahil sa pinahihirapan nila kami sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga mahihirap na mga gawain* (*pang-aalipin*)."

87. At Aming ipinahayag kay Mousã at sa kanyang kapatid na si Hâroun na: "*Magsagawa kayo ng mga tahanan sa Ehipto para sa inyong sambayanan na kanilang titirhan at magiging taguan*, *at gawin ninyo ang mga tahanang yaon bilang lugar ng sambahan kapag kayo ay natatakot*, *at isagawa ninyo ang obligadong* '*Salah*' *sa tamang oras na itinakda para rito. At ipamalita mo sa mga mananampalataya na sumusunod sa Allâh ang pagwawagi at pangingibabaw*, *at masaganang gantimpala mula sa Allâh* (ﷻ)."

88. At sinabi ni Mousã: "*O Allah* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katotohanan*, *pinagkalooban Mo si Fir`âwn at ang mga pinuno sa kanyang sambayanan ng masaganang kayamanan dito sa daigdig*; *subali't hindi sila nagpasalamat at tumanaw ng utang na loob sa Iyo*, *bagkus ito pa ang tumulong upang maligaw ang mga tao tungo sa Iyong Daan. O Allah* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Wasakin Mo ang kanilang kayamanan*, *nang sa gayon ay hindi na nila ito mapakinabangan pa*, *at isara Mo ang kanilang mga puso upang hindi na sila makatanggap ng katotohanan*, *at hindi na sila maniniwala hanggang sa makita nila ang matinding kaparusahan*."


قَالَ قَدْ أُجِيبَت دَّعْوَتُكُمَا فَٱسْتَقِيمَا وَلَا تَتَّبِعَآنِّ سَبِيلَ
ٱلَّذِينَ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٨٩﴾ ۞ وَجَٰوَزْنَا بِبَنِيٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ٱلْبَحْرَ
فَأَتْبَعَهُمْ فِرْعَوْنُ وَجُنُودُهُۥ بَغْيًا وَعَدْوًا ۖ حَتَّىٰٓ إِذَآ أَدْرَكَهُ
ٱلْغَرَقُ قَالَ ءَامَنتُ أَنَّهُۥ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا ٱلَّذِىٓ ءَامَنَتْ بِهِۦ بَنُوٓا۟ إِسْرَٰٓءِيلَ
وَأَنَا۠ مِنَ ٱلْمُسْلِمِينَ ﴿٩٠﴾ ءَآلْـَٰٔنَ وَقَدْ عَصَيْتَ قَبْلُ وَكُنتَ
مِنَ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿٩١﴾ فَٱلْيَوْمَ نُنَجِّيكَ بِبَدَنِكَ لِتَكُونَ لِمَنْ
خَلْفَكَ ءَايَةً ۚ وَإِنَّ كَثِيرًا مِّنَ ٱلنَّاسِ عَنْ ءَايَٰتِنَا لَغَٰفِلُونَ ﴿٩٢﴾
وَلَقَدْ بَوَّأْنَا بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ مُبَوَّأَ صِدْقٍ وَرَزَقْنَٰهُم مِّنَ ٱلطَّيِّبَٰتِ
فَمَا ٱخْتَلَفُوا۟ حَتَّىٰ جَآءَهُمُ ٱلْعِلْمُ ۚ إِنَّ رَبَّكَ يَقْضِى بَيْنَهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ
فِيمَا كَانُوا۟ فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ﴿٩٣﴾ فَإِن كُنتَ فِى شَكٍّ مِّمَّآ أَنزَلْنَآ إِلَيْكَ
فَسْـَٔلِ ٱلَّذِينَ يَقْرَءُونَ ٱلْكِتَٰبَ مِن قَبْلِكَ ۚ لَقَدْ جَآءَكَ
ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّكَ فَلَا تَكُونَنَّ مِنَ ٱلْمُمْتَرِينَ ﴿٩٤﴾ وَلَا تَكُونَنَّ
مِنَ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ فَتَكُونَ مِنَ ٱلْخَٰسِرِينَ
﴿٩٥﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ حَقَّتْ عَلَيْهِمْ كَلِمَتُ رَبِّكَ لَا يُؤْمِنُونَ
﴿٩٦﴾ وَلَوْ جَآءَتْهُمْ كُلُّ ءَايَةٍ حَتَّىٰ يَرَوُا۟ ٱلْعَذَابَ ٱلْأَلِيمَ ﴿٩٧﴾

89. Sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanilang dalawa na sina Mousã at Hâroun: "*Katiyakan*, *dininig ang inyong panalangin laban kay Fir`âwn at sa mga namumuno sa kanyang sambayanan at sa kanilang mga kayamanan – habang nananalangin si Mousã ay nagsasabi naman ng* '*Âmeen*' *si Hâroun, na kung kaya*, *sa kanilang dalawa itinangi ang ganitong paanyaya – at magpakatuwid kayo sa inyong* '*Deen*' *at ipagpatuloy ninyo ang inyong paanyaya kay Fir`âwn at sa kanyang sambayanan tungo sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at sa pagsunod sa Kanya*, *at huwag sundin ang daan ng mga hindi nakababatid ng katotohanan hinggil sa Aking pangako at babala*."

90. At biniyak Namin ang karagatan para sa mga angkan ni Isrâ`il, hanggang sa sila ay nakatawid, at sinundan sila ni Fir`âwn at ng kanyang mga sundalo bilang pang-aapi at paghihimagsik, na kung kaya, lumusong sila sa karagatan kasunod nila, hanggang sa nagsara ang karagatan noong nasa kalagitnaan na si Fir`âwn at malulunod na, kanyang sinabi: "*Naniwala na ako na walang dapat sambahin kundi Siya*, *na pinaniniwalaan ng mga angkan ni Isrâ`îl*, *at ako*'*y kabilang sa naniwala sa Kanyang Kaisahan at sumusuko sa Kanyang kagustuhan bilang isa sa mga Muslim*."

91. Ngayon pa lamang, O Fir`âwn, dahil dumating na sa iyo ang kamatayan ay saka ka pa lamang naniwala na ang Allâh (ﷻ) lamang ang bukod-tangi na dapat sambahin, samantalang nilabag mo Siya bago dumating sa iyo ang kaparusahan, at ikaw ay kabilang sa mga namiminsala at humaharang sa Kanyang Daan! Samakatuwid, walang kapakinabangan ang iyong pagsisisi sa oras ng iyong pag-aagaw-buhay.

92. Na kung kaya, ngayon ay gagawin Namin na makarating sa kalupaan ang iyong bangkay (na ito ay ipapadpad sa dalampasigan), na makikita ka ng sinumang hindi naniwala sa iyong kamatayan; upang ito ay maging aral sa sinumang darating na mga tao pagkatapos mo. At katotohanan, karamihan sa mga tao ay pabaya sila sa Aming mga katibayan at mga palatandaan, na ito ay hindi nila pinagtutuunan ng pansin at hindi nagsisilbing aral para sa kanila.

93. At pinatira Namin ang mga angkan ni Isrâ`îl sa maayos at marangal na tirahan sa '*Sham*' at sa Ehipto, at pinagkalooban Namin ng mabubuting kabuhayan mula sa mga

biyaya rito sa kalupaan, na sila ay hindi nagkakasalungatan patungkol sa Relihiyon (‘*Deen*’) maliban na lamang noong pagkatapos dumating sa kanila ang kaalaman na magbubuklod sa kanila, at kabilang sa kaalaman na yaon na nasa loob ng ‘*Tawrah*’ ay ang mga kuwento hinggil sa pagiging Propeta ni Muhammad (ﷺ). Katiyakan, ang iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), ang huhukom sa pagitan nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at doon sa hindi nila pinagkakasunduan na patungkol sa iyo, kaya, makapapasok sa Impiyerno ang mga hindi naniwala at sa ‘*Al-Jannah*’ naman ang mga naniwala.

94. At kapag ikaw ay may pag-aalinlangan, O Muhammad (ﷺ), hinggil sa katiyakan ng ikinukuwento Namin sa iyo, ay tanungin mo ang mga yaong nagbabasa ng Kasulatan na nauna sa iyo, na sa kanila’y ipinadala ang ‘*Tawrah*’ at ‘*Injeel*,’ dahil sa ito ay naitala (nakasulat) sa kanilang mga Kasulatan. Katiyakan na dumating sa iyo ang katotohanan na walang pag-aalinlangan, mula sa iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, na ikaw ay Sugo ng Allâh, at walang pag-aalinlangan na sila na mga Hudyo at mga Kristiyano ay batid nila ang katotohanan hinggil dito, at matatagpuan nila ang iyong katangian na naipahayag sa kanilang mga kasulatan, subali’t ito ay tinanggihan nila, na kung kaya, huwag na huwag mong ibilang ang iyong sarili sa mga taong nag-aalinlangan hinggil sa katotohanang ito.

95. At huwag kang pabibilang sa mga yaong tumanggi sa mga katibayan at mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) kundi ay mabibilang ka sa mga talunan na kinamuhian ng Allâh at Kanyang paparusahan.

96. Katiyakan, ang mga yaong naipatupad ang Salita ng Allâh sa kanila, O Muhammad (ﷺ), na pagsumpa at pagpaparusa sa kanila, ay hindi na sila maniniwala sa mga katibayan mula sa Allâh (ﷻ), at hindi na nila paniniwalaan pa ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at hindi na sila susunod sa Kanyang batas.

97. At kahit dumating pa sa kanila ang lahat ng katuruan at mga aral ay hindi sila maniniwala, hanggang sa makita nila ang masidhing kaparusahan ng Allâh ay saka pa lamang sila maniniwala subali’t sa pagkakataong yaon ay wala nang saysay ang kanilang paniniwala.

فَلَوْلَا كَانَتْ قَرْيَةٌ ءَامَنَتْ فَنَفَعَهَآ إِيمَٰنُهَآ إِلَّا قَوْمَ يُونُسَ لَمَّآ
ءَامَنُوا۟ كَشَفْنَا عَنْهُمْ عَذَابَ ٱلْخِزْىِ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا وَمَتَّعْنَٰهُمْ
إِلَىٰ حِينٍ ﴿٩٨﴾ وَلَوْ شَآءَ رَبُّكَ لَءَامَنَ مَن فِى ٱلْأَرْضِ كُلُّهُمْ
جَمِيعًا ۚ أَفَأَنتَ تُكْرِهُ ٱلنَّاسَ حَتَّىٰ يَكُونُوا۟ مُؤْمِنِينَ ﴿٩٩﴾ وَمَا
كَانَ لِنَفْسٍ أَن تُؤْمِنَ إِلَّا بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۚ وَيَجْعَلُ ٱلرِّجْسَ
عَلَى ٱلَّذِينَ لَا يَعْقِلُونَ ﴿١٠٠﴾ قُلِ ٱنظُرُوا۟ مَاذَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ
وَٱلْأَرْضِ ۚ وَمَا تُغْنِى ٱلْـَٔايَٰتُ وَٱلنُّذُرُ عَن قَوْمٍ لَّا يُؤْمِنُونَ ﴿١٠١﴾
فَهَلْ يَنتَظِرُونَ إِلَّا مِثْلَ أَيَّامِ ٱلَّذِينَ خَلَوْا۟ مِن قَبْلِهِمْ ۚ
قُلْ فَٱنتَظِرُوٓا۟ إِنِّى مَعَكُم مِّنَ ٱلْمُنتَظِرِينَ ﴿١٠٢﴾ ثُمَّ نُنَجِّى
رُسُلَنَا وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ كَذَٰلِكَ حَقًّا عَلَيْنَا نُنجِ ٱلْمُؤْمِنِينَ
﴿١٠٣﴾ قُلْ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِن كُنتُمْ فِى شَكٍّ مِّن دِينِى فَلَآ أَعْبُدُ ٱلَّذِينَ
تَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ وَلَٰكِنْ أَعْبُدُ ٱللَّهَ ٱلَّذِى يَتَوَفَّىٰكُمْ ۖ وَأُمِرْتُ
أَنْ أَكُونَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٠٤﴾ وَأَنْ أَقِمْ وَجْهَكَ لِلدِّينِ حَنِيفًا
وَلَا تَكُونَنَّ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١٠٥﴾ وَلَا تَدْعُ مِن دُونِ ٱللَّهِ
مَا لَا يَنفَعُكَ وَلَا يَضُرُّكَ ۖ فَإِن فَعَلْتَ فَإِنَّكَ إِذًا مِّنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٠٦﴾

98. Samakatuwid, mayroon ba ni isang bayan ang naniwala noong nakita na nila ang kaparusahan, at pagkatapos ay naging kapaki-pakinabang ang kanilang paniniwala sa oras na yaon? Maliban sa sambayanan ni Yûnus Ibnu Matta (عليه السلام); noong natiyak nila na ang kaparusahan ng Allâh ay mangyayari sa kanila ay kaagad silang dumulog sa Allâh (ﷻ) at nagsipagsisi nang taimtim na pagsisisi, at noong napatunayan na sila ay totoo sa kanilang pagsisisi ay inalis Namin sa kanila ang kaparusahan na pagpapahamak sa daigdig na ito pagkatapos na ito ay muntik nang mangyari sa kanila, at hinayaan Namin silang magpakasiya rito sa daigdig hanggang sa katapusan ng kanilang mga buhay.

99. At kung ninais lamang ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), na maniwala ang lahat ng tao sa daigdig ay maniniwala silang lahat sa anumang dala-dala mong mensahe, subali't Siya ay mayroong '*Hikmah*' (o karunungan) hinggil sa bagay na ito; dahil sa Siya, ginagabayan Niya ang sinuman na Kanyang nais, at inililigaw ang sinumang Kanyang nais batay sa '*Hikmah*' na ito, na kung kaya, wala ka sa kakayahan – O Muhammad (ﷺ) – na pilitin ang lahat ng tao na maniwala.

100. At hindi maaari sa sinumang tao na maniwala sa Allâh maliban na lamang sa kung ito ay Kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang gagabayan, na kung kaya, huwag mong pilitin ang iyong sarili hinggil sa bagay na ito, dahil ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Nakaaalam hinggil sa kanila. At pinaparusahan Niya ng matinding kaparusahan bilang kapahamakan ang mga yaong hindi nila iniintindi ang batas ng Allâh, na pag-uutos at pagbabawal.

101. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa iyong sambayanan: "*Pag-isipan ninyo at pagmasdan ang anumang nasa mga kalangitan at kalupaan na malilinaw na mga palatandaan ng Allâh*," subali't ang mga palatandaang ito, mga aral at mga Sugo na nagbigay ng babala hinggil sa kaparusahan ng Allâh ay hindi magiging kapaki-pakinabang sa mga taong walang anumang pinaniniwalaan sa mga bagay na ito; dahil sa kanilang pagtanggi at pagmamatigas.

102. Na kung kaya, mayroon bang inaabangan ang mga yaon maliban sa araw na makikita nila ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ) na katulad ng mga araw ng mga nauna sa kanila na mga tumanggi at hindi naniwala? Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Abangan ninyo ang kaparusahan ng Allâh*, *dahil ako ay kasama rin ninyo na nag-aabang sa kaparusahan ng Allâh sa inyo*."

103. Pagkatapos ay ililigtas Namin ang Aming mga Sugo at ang mga yaong naniwala! At kung paano Namin sila iniligtas ay ganoon din ang gagawin Naming pagliligtas sa iyo, O Muhammad (ﷺ), kasama ang sinumang naniwala sa iyo bilang kagandahang-loob at awa na mula sa Amin.

104. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*O kayong mga tao! Kung kayo ay nag-aalinlangan hinggil sa katotohanan ng aking* '*Deen*,' *na rito ay hinihikayat ko kayo*, *na ito ay ang Islâm*, *at hinggil sa aking pagiging matatag dito*, *na naghahangad kayo na ito ay aking talikuran! Samakatuwid*, *dapat ninyong mabatid na katiyakang hindi ko sasambahin sa anumang pagkakataon ang sinuman mula sa mga sinasamba ninyo na mga diyus-diyusan at mga rebulto*, *bagkus ang sasambahin ko ay ang Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi na Siyang nagsasanhi ng inyong kamatayan at kumukuha ng inyong mga kaluluwa*, *at ako ay inutusan na maging kabilang sa mga mananampalataya na naniniwala sa Kanya*."

105. At ipinag-uutos na ituon mo, O Muhammad (ﷺ), ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagpapakatuwid sa Relihiyon o '*Deen*' ng Islâm, na huwag na huwag kang pumanig sa mga Hudyo, Kristiyano at sa mga nagtatambal o sumasamba ng iba bukod sa Allâh; at huwag mong ibilang ang iyong sarili sa mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, ng mga diyus-diyusan, kundi ay mapapabilang ka sa mga mapapahamak.

106. At huwag kang manalangin, O Muhammad (ﷺ), sa kahit kaninuman bukod sa Allâh, na katulad ng mga rebulto at mga diyus-diyusan; dahil ang mga ito ay walang pakinabang at hindi nakapagdudulot ng kapahamakan, subali't kapag ito ay ginawa mo at nanalangin ka ng iba bukod sa Allâh, ay walang pag-aalinlangang magiging kabilang ka sa mga '*Mushrikin*,' na dinaya nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsagawa ng '*Shirk*' at kasalanan.

وَإِن يَمْسَسْكَ ٱللَّهُ بِضُرٍّ فَلَا كَاشِفَ لَهُۥٓ إِلَّا هُوَ ۖ وَإِن
يُرِدْكَ بِخَيْرٍ فَلَا رَآدَّ لِفَضْلِهِۦ ۚ يُصِيبُ بِهِۦ مَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦ ۚ
وَهُوَ ٱلْغَفُورُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٠٧﴾ قُلْ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ قَدْ جَآءَكُمُ
ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّكُمْ ۖ فَمَنِ ٱهْتَدَىٰ فَإِنَّمَا يَهْتَدِى لِنَفْسِهِۦ ۖ وَمَن
ضَلَّ فَإِنَّمَا يَضِلُّ عَلَيْهَا ۖ وَمَآ أَنَا۠ عَلَيْكُم بِوَكِيلٍ ﴿١٠٨﴾ وَٱتَّبِعْ
مَا يُوحَىٰٓ إِلَيْكَ وَٱصْبِرْ حَتَّىٰ يَحْكُمَ ٱللَّهُ ۚ وَهُوَ خَيْرُ ٱلْحَٰكِمِينَ ﴿١٠٩﴾

سُورَةُ هُودٍ

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

الٓر ۚ كِتَٰبٌ أُحْكِمَتْ ءَايَٰتُهُۥ ثُمَّ فُصِّلَتْ مِن لَّدُنْ حَكِيمٍ خَبِيرٍ ﴿١﴾
أَلَّا تَعْبُدُوٓا۟ إِلَّا ٱللَّهَ ۚ إِنَّنِى لَكُم مِّنْهُ نَذِيرٌ وَبَشِيرٌ ﴿٢﴾ وَأَنِ ٱسْتَغْفِرُوا۟
رَبَّكُمْ ثُمَّ تُوبُوٓا۟ إِلَيْهِ يُمَتِّعْكُم مَّتَٰعًا حَسَنًا إِلَىٰٓ أَجَلٍ مُّسَمًّى وَيُؤْتِ
كُلَّ ذِى فَضْلٍ فَضْلَهُۥ ۖ وَإِن تَوَلَّوْا۟ فَإِنِّىٓ أَخَافُ عَلَيْكُمْ عَذَابَ يَوْمٍ
كَبِيرٍ ﴿٣﴾ إِلَى ٱللَّهِ مَرْجِعُكُمْ ۖ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٤﴾ أَلَآ إِنَّهُمْ
يَثْنُونَ صُدُورَهُمْ لِيَسْتَخْفُوا۟ مِنْهُ ۚ أَلَا حِينَ يَسْتَغْشُونَ ثِيَابَهُمْ
يَعْلَمُ مَا يُسِرُّونَ وَمَا يُعْلِنُونَ ۚ إِنَّهُۥ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿٥﴾

107. At kapag sinanhi ng Allâh (ﷻ) na may mangyari sa iyo na kapinsalaan ay walang sinuman ang makapag-aalis nito bukod sa Kanya at kapag ninais (naman) Niya sa iyo na ikaw ay magkaroon ng biyaya ay walang sinuman ang makapipigil nito, at sinasanhi ng Allâh (ﷻ) na mangyari ang mga bagay na nakagagalak at ang mga nakapipinsala sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin, dahil sa Siya ay '***Al-Ghafour***' – ang Ganap na Mapagpatawad sa kasalanan ng sinumang nagsisisi, na '***Ar-Raheem***'– ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa sinumang naniwala at sumunod sa Kanya.

108. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga tao: "*Katiyakan*, *dumating sa inyo ang Sugo ng Allâh* (ﷻ) *na dala-dala ang Dakilang Qur'ân na nagsasaad ng inyong gabay mula sa Allâh* (ﷻ) *na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na kung kaya*, *sinuman ang susunod sa gabay ng Allâh ay walang pag-aalinlangan na ang bunga nito ay siya* (*rin*) *ang makikinabang*; *at sinuman ang lilihis sa katotohanan at manatili sa pagkaligaw ay walang pag-aalinlangan na ang kanyang pagkaligaw ay sarili lamang niya ang kanyang pinipinsala*; *at hindi ako ipinadala upang obligahin kayo na maniwala*, *kundi ako ay Sugo na ipinararating sa inyo ang mensahe na ipinagkatiwala sa akin*."

109. Sundin mo, O Muhammad (ﷺ), ang kapahayagan na ipinagkaloob sa iyo at ito ay iyong isagawa at maging matiisin ka sa gagawing paglabag ng sinumang lalabag sa iyo mula sa mga tao, hanggang sa pagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) ang anumang hinggil sa kanila at hinggil sa iyo, dahil Siya, ang Allâh (ﷻ) ang Kataas-Taasan at '***Khayrul Hâkimeen***' – Pinakamabuti sa lahat ng tagahukom, dahil ang Kanyang paghuhukom ay Ganap at Makatarungan.

سورة هود 11

XI – Surat Hûd

[**Kabanata Hûd** – (Si Propeta) Hûd (عليه السلام)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Alif-Lãm-Râ* – ang mga titik na ito ng Alpabetong '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.' Ang mga talata ng Aklat na ito na ipinahayag ng Allâh (ﷻ) kay Muhammad (ﷺ) ay nasa kaganapan na walang pagkukulang at walang pagkakamali, at pagkatapos ay ipinaliwanag nang ganap ang hinggil sa mga ipinag-uutos at ipinagbabawal, ipinahihintulot ('*Halâl*') at di-ipinahihintulot ('*Harâm*') na mula sa Allâh (ﷻ) na Siyang '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa pangangasiwa ng mga bagay, na '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya ang anumang magiging bunga nito.

2. Ang pagpapahayag ng Qur'ân at paglilinaw sa Kanyang batas at sa pagpapaliwanag nito nang ganap; ay upang hindi kayo sumamba ng iba kundi sa Allâh (ﷻ) lamang na Bukod-Tangi na walang katambal. Na ako para sa inyo, O kayong mga tao, ay tagapagbigay ng babala hinggil sa kaparusahan ng Allâh at tagapagdala ng magandang balita hinggil sa Kanyang gantimpala.

3. At hilingin ninyo sa Kanya na patawarin kayo sa inyong mga pagkakasala, at pagkatapos ay magbalik-loob kayo sa Kanya na mga nagsisipagsisi upang matamasa ninyo ang magandang kabuhayan dito sa daigdig hanggang sa pagdating ng nakatakdang panahon, at ipinagkakaloob Niya sa bawa't may kaalaman at mabuting gawa ang kabuuan ng Kanyang gantimpala bilang kagandahang-loob. Subali't kapag kayo ay tumalikod sa katotohanan na kung saan kayo ay hinihikayat, samakatuwid, ako sa katotohanan ay natatakot para sa inyo na kayo ay parusahan ng masidhing kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At ito ang matinding babala sa sinumang tumalikod sa mga Kautusan ng Allâh at hindi naniwala sa Kanyang mga Sugo.

4. Sa Allâh (ﷻ) kayo ay magbabalik lahat pagkatapos ninyong mamatay, na kung kaya, matakot kayo sa Kanyang kaparusahan, dahil Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa pagbubuhay sa inyo na mag-uli, na kayo ay pagtitipun-tipunin at papagbabayarin.

5. Walang pag-aalinlangan, sila na mga walang pananampalataya ay kinikimkim nila sa kanilang mga puso ang pagtanggi; dahil sa iniisip nila na naililihim sa Allâh (ﷻ) ang anumang kanilang kinikimkim sa kanilang mga sarili. Hindi ba nila batid na kahit na takpan pa nila ang kanilang mga katawan ng kanilang mga kasuotan ay katiyakang walang anumang naililihim sa Allâh (ﷻ) sa kanilang mga itinatago at inilalantad? Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa anumang kinikimkim ng kanilang mga kalooban na mga layunin at mga balakin.

6. Katiyakan, ginarantiyahan ng Allâh (ﷻ) ang kabuhayan ng lahat ng mga gumagapang sa ibabaw ng kalupaan bilang kagandahang-loob na mula sa Kanya, at batid Niya kung saan ito maninirahan sa tanang buhay nito at saan ito patutungo pagkatapos nitong mamatay, at batid Niya kung saang lugar ito mamamatay. Ang lahat ng ito ay naitala sa Aklat sa malinaw na talaan na nasa Allâh (ﷻ).

7. Siya ang Lumikha ng mga kalangitan at ng kalupaan at ang anumang mga nasa loob nito sa loob ng Anim na Araw. At ang Kanyang '`*Arsh*' ay nasa ibabaw ng tubig bago pa likhain ang mga kalangitan at kalupaan, upang subukin kayo kung sino sa inyo ang higit na mabuti ang kanyang pagsunod at gawain, na ito ay ang anumang taimtim na ginagawa para lamang sa Allâh (ﷻ) na sang-ayon sa anumang ginawa ng Sugo ng Allâh (ﷺ). At kapag sinabi mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga walang pananampalataya mula sa iyong sambayanan: "*Katiyakan*, *kayo ay bubuhayin na mag-uli pagkatapos ninyong mamatay*," ay kaagad nilang sasabihin: "*Ang Qur'ân na binibigkas mo sa amin ay walang iba kundi isang malinaw na* '*Sihr*' (*o salamangka*)."

8. At kapag inantala Namin sa kanila na mga walang pananampalataya ang kaparusahan hanggang sa itinakdang panahon, ay ipinamamadali nila ito na inip na inip sila, na katiyakan na kanilang sasabihin bilang pag-aalipusta at pagpapasinungaling: "*Ano ba ang pumipigil sa kaparusahang iyan para maganap kung iyan ay katotohanan?*" Dapat nilang mabatid sa araw na kapag dumating sa kanila ang kaparusahan ay walang sinuman ang maaaring makapipigil nito, at makukubkob sila ng kaparusahan dahil sa kanilang pang-iinsulto bago ito naganap.

9. At kapag pinagkalooban Namin ang tao ng Biyaya mula sa Amin, na katulad ng kalusugan o kapanatagan at iba pa, at pagkatapos ito ay Aming aalisin sa kanya, walang pag-aalinlangan na magiging matindi ang kanyang pagdadalamhati at panghihinayang sa Awa ng Allâh bilang hindi pagtanaw ng utang ng loob sa Biyaya ng Allâh na ipinagkaloob sa kanya.

10. At kapag ipinatikim Namin sa kanya ang sarap ng buhay dito sa daigdig at pinaluwag Namin sa kanya ang kabuhayan pagkatapos ng kahirapan, ay tiyak na

kanyang sasabihin: "*Nawala na ang aking paghihirap at tapos na ang panahon ng aking pagdadalamhati*," katiyakan, siya ay mayabang dahil sa mga biyayang ipinagkaloob sa kanya at labis ang kanyang pagmamayabang at pagmamataas sa mga tao.

11. Subali't ang mga yaong nagtiis sa anumang dumating sa kanila na mga kahirapan bilang paniniwala sa Allâh at paghahangad ng gantimpala mula sa Kanya, at gumawa sila ng mga kabutihan bilang pasasalamat sa mga Biyaya ng Allâh (ﷻ), ang para sa kanila ay kapatawaran sa kanilang pagkakasala at dakilang gantimpala sa Kabilang-Buhay.

12. Samakatuwid, O Muhammad (ﷺ), maaari bang talikuran mo ang ilan sa ipinahayag sa iyo at ipinag-utos, sa pamamagitan ng di pamamahayag ng mensahe nito dahil sa tindi ng nakikita mong pagtanggi mula sa kanila, at sisikip ang iyong dibdib dahil sa nangangamba ka na hihiling sila ng mga bagay sa iyo bilang pagmamaang-maangan o pagmamatigas, na katulad ng kanilang sasabihin: "*Bakit hindi na lang kayamanan ang ibinaba sa kanya*, *o di kaya ay dumating na kasama niya ang anghel na magpapatotoo sa kanyang mensahe?*" Na kung kaya, iparating mo sa kanila ang anumang ipinahayag Ko sa iyo, dahil sa katotohanang ang tungkulin mo lamang ay balaan sila sa anumang ipinahayag Ko sa iyo. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Wakeel***' – Tagapangalaga at Tagapagkaloob ng lahat ng bagay.

13. O sinasabi ba nila na mga walang pananampalataya na mga taga-Makkah:[45] "*Katunayan*, *si Muhammad ay inimbento niya lamang itong Qur'ân?*" Sabihin mo sa kanila: "*Kung ang pangyayari ay katulad ng inyong mga inaangkin*, *samakatuwid ay magpakita kayo ng sampung kabanata na tulad ng Dakilang Qur'ân na mula sa inyong mga inimbento*, *at tawagin ninyo ang sinuman na kaya ninyong tawagin mula sa lahat ng nilikha ng Allâh upang tumulong sa inyo sa pagsagawa nito*, *kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin*."

14. Kapag hindi sila tumugon sa iyong paghamon, O Muhammad (ﷺ) at sa sinumang naniwala sa iyo; dahil sa hindi nila kayang gawin ang lahat ng yaon, dapat nilang mabatid na ang Kabanal-banalan na Qur'ân sa katotohanan ay ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Sugo na mula sa Kanyang Kaalaman at hindi salita ng tao, at dapat ninyong mabatid na walang sinumang may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa Allâh (ﷻ)! Na kung kaya, kayo ba pagkatapos ng lahat ng mga katibayang ito ay susuko na sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo bilang Muslim?

15. Sinuman ang naghahangad sa kanyang gawain para sa buhay lamang dito sa daigdig at ang kaligayahan nito ay ipagkakaloob Namin sa kanila ang mga bunga ng kanilang gawain nang ganap at sila ay hindi dadayain ni katiting sa kanilang makamundong kabayaran.

16. Sila ay wala nang anumang mapapala sa Kabilang-Buhay kundi Impiyernong-Apoy na malalasap nila ang lagablab nito, at mawawalan ng saysay para sa kanila ang anuman na kanilang nagawa dahil sa ang kanilang mga gawain ay mali, sapagka't ito ay hindi nila ginawa nang alang-alang lamang sa Allâh (ﷻ).

17. Siya (Muslim) ba na nanindigan sa malinaw na katibayan na mula sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na ito ay kanyang pinaniniwalaan at siya ay nag-aanyaya tungo rito sa pamamagitan ng Rebelasyon na roon ay ipinahayag ng Allâh (ﷻ) ang

[45]Na ito ay noong kapanahunan ni Propeta Muhammad (ﷺ), na mga '*Mushrikûn*' pa ang karamihan na naninirahan doon.

malinaw na katibayan at sinunod ito, na ang isa pang malinaw na katibayan na tumitestigo rito ay si Anghel Jibril (ﷺ) o di kaya ay si Propeta Muhammad (ﷺ), at ito ay sinuportahan pa ng pangatlong katibayan na nauna kaysa sa Qur'ân, na ito ay ang '*Tawrah*' na ipinahayag ng Allâh (ﷻ) kay Mousã (ﷺ) upang maging panuntunan at bilang awa sa sinumang naniwala rito, ay katulad ba ito ng sinuman na ang hangarin lamang ay makamundong buhay na may katapusan ang kinang nito?

Samakatuwid, sila ang mga yaong pinaniwalaan ang Dakilang Qur'ân, na kung kaya, sinuman ang hindi naniniwala sa Qur'ân na kabilang mula sa mga grupo ng lumabag sa Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ), ang kabayaran ng kanilang ginawa ay Impiyernong-Apoy, na walang pag-aalinlangan na sila ay mapupunta roon.

Na kung kaya, huwag kang mag-aalinlangan hinggil sa Dakilang Qur'ân, na ito ay mula sa Allâh (ﷻ) pagkatapos tumestigo para rito ang mga palatandaan at mga katibayan, at dapat mong mabatid na ang '*Deen*' o Relihiyon na ito ay katotohanan na nagmula sa Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, subali't ang karamihan sa mga tao ay hindi naniniwala.

18. At sino pa ba ang higit na masama kaysa sa sinumang nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh? Sila ay ihaharap sa kanilang '*Rabb*' sa Araw ng Muling Pagkabuhay; upang sila ay hukuman sa kanilang mga gawa, at sasabihin ng mga testigo na mga anghel, mga Propeta at iba pa: "*Sila ang mga yaong nagsinungaling laban sa kanilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa daigdig.*" Walang pag-aalinlangan! Kinamuhian sila ng Allâh at patuloy ang pagsumpa ng Allâh sa kanila; dahil ang kanilang pagiging masama ay isang katangian na likas sa kanila.

19. Yaong mga pinipigilan ang mga tao sa Daan ng Allâh tungo sa pagsamba sa Kanya, at hinahangad nila na maging baluktot ang Daan na ito ayon sa kanilang kagustuhan, ay sila ang mga yaong hindi naniniwala sa Kabilang-Buhay at hindi naniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli at Paghuhukom.



20. Kailanman, sila na mga walang pananampalataya ay hindi nila matatakasan ang Allâh (ﷻ) dito sa daigdig, at walang sinumang makatutulong sa kanila upang pigilin para sa kanila ang Kanyang kaparusahan. Dodoblehin sa kanila ang kaparusahan sa Impiyerno; dahil sa hindi nila nakayanang pakinggan ang Dakilang Qur'ân nang may kapakinabangan, o di kaya ay makita man lamang ang mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) dito sa daigdig nang makatotohanang pagsusuri; dahil sa kanilang pagiging abala sa kanilang pagtanggi at mga paglabag, na sila ay doon na mananatili.

21. Sila ang yaong ipinahamak ang kanilang mga sarili dahil sa kanilang pagsisinungaling laban sa Allâh, at naglaho ang anuman na kanilang inimbento na mga sinasamba bukod sa Allâh, na inaangkin nilang ito ang magtatanggol sa kanila.

22. Katotohanan, sila sa Kabilang-Buhay ang pinakatalunan sa lahat ng tao sa pakikipagkalakalan, dahil sa ipinagpalit nila ng hamak na antas ng Impiyerno ang mga mataas na antas ng Hardin, dahil sa sila ay nasa Impiyerno at ito ang napakalinaw na pagkatalo.

23. Katiyakan, ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at gumawa ng mga mababuting gawa, at nagpakumbaba sa anumang pag-uutos at anumang pagbabawal, sila ang mga maninirahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin), na hindi sila mamamatay pa roon at sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan.

24. Ang kahalintulad ng dalawang grupo: ang walang pananampalataya at ang grupo ng may pananampalataya ay katulad ng bulag na hindi nakakakita at bingi na hindi nakakarinig sa nakakakita na nakakarinig: ang grupo ng walang pananampalataya ay hindi niya nakikita ang katotohanan upang ito ay kanyang sundin at hindi niya naririnig ang nag-aanyaya sa kanya tungo sa Allâh (ﷻ) upang siya ay magpagabay, subali't ang grupo ng may pananampalataya ay tiyak na nakikita ang mga katibayan ng Allâh (ﷻ) at naririnig ang nag-aanyaya sa kanya tungo sa Allâh (ﷻ) at ito ay kanyang tinugunan, maaari ba na magkaparehas ang dalawang grupong ito? At kung gayon hindi ba kayo nakauunawa at nakaiintindi?

25. At katiyakan, ipinadala Namin si Nûh (عليه السلام) tungo sa kanyang sambayanan at sinabi sa kanila: "*Katiyakan*, *ako ay babala sa inyo mula sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ), *at naglilinaw sa anumang mensahe na dala-dala ko para sa inyo*, *na mga ipinag-uutos ng Allâh at Kanyang ipinagbabawal*."

26. "*Inuutusan ko kayo na huwag sumamba ng iba kundi sa Allâh lamang*, *at katotohanan na ako ay nangangamba sa inyo hinggil sa matinding kaparusahan ng Allâh kung hindi ninyo sasambahin ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi*."

27. At sinabi ng mga pinuno ng mga walang pananampalataya mula sa kanyang sambayanan: "*Ikaw sa katotohanan ay hindi anghel kundi ikaw ay tao lamang*, *na kung kaya*, *paano nangyari na ikaw ay pinagkalooban ng Rebelasyon at hindi kami? At wala kaming nakikita na sumusunod sa iyo kundi ang mga yaong mababang uri mula sa amin at sinunod ka nila nang hindi nila ginagamit ang kanilang pag-iisip*, *at hindi namin nakikita na nalalamangan ninyo kami sa kabuhayan at kayamanan*, *noong pinasok ninyo ang* '*Deen*' *o Relihiyong ito*, *sa halip ay naniniwala kami na kayo ay nagsisinungaling sa inyong pag-aangkin*."

28. Sinabi ni Nûh (عليه السلام): "*O aking sambayanan! Sabihin nga ninyo sa akin*, *kung ako ba ay nagtatangan ng malinaw na katibayan mula sa aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *sa anumang dala-dala ko sa inyo na mensahe mula sa Kanya na nagpapatunay na ako ay nasa katotohanan*, *at pinagkalooban Niya ako ng Awa mula sa Kanya*, *na ito ay ang aking pagiging Propeta at Sugo*, *subali't ito ay inilihim sa inyo dahil sa inyong kamangmangan at inyong kayabangan*. *Maaari kayang pilitin ko kayo na sumunod kahit kayo ay tumatanggi at kinamumuhian ito? Hindi namin ito gagawin bagkus ay ipauubaya namin sa Allâh* (ﷻ) *ang anumang pangyayari hinggil sa inyo hanggang sa magpasiya ang Allâh* (ﷻ) *ng anuman na Kanyang nais para sa inyo*."


وَيَٰقَوْمِ لَآ أَسْـَٔلُكُمْ عَلَيْهِ مَالًا ۖ إِنْ أَجْرِيَ إِلَّا عَلَى ٱللَّهِ وَمَآ
أَنَا۠ بِطَارِدِ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ ۚ إِنَّهُم مُّلَٰقُوا۟ رَبِّهِمْ وَلَٰكِنِّيٓ أَرَىٰكُمْ
قَوْمًا تَجْهَلُونَ ﴿٢٩﴾ وَيَٰقَوْمِ مَن يَنصُرُنِي مِنَ ٱللَّهِ إِن طَرَدتُّهُمْ ۚ
أَفَلَا تَذَكَّرُونَ ﴿٣٠﴾ وَلَآ أَقُولُ لَكُمْ عِندِي خَزَآئِنُ ٱللَّهِ وَلَآ
أَعْلَمُ ٱلْغَيْبَ وَلَآ أَقُولُ إِنِّي مَلَكٌ وَلَآ أَقُولُ لِلَّذِينَ تَزْدَرِيٓ
أَعْيُنُكُمْ لَن يُؤْتِيَهُمُ ٱللَّهُ خَيْرًا ۖ ٱللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا فِيٓ أَنفُسِهِمْ ۖ إِنِّيٓ إِذًا
لَّمِنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٣١﴾ قَالُوا۟ يَٰنُوحُ قَدْ جَٰدَلْتَنَا فَأَكْثَرْتَ
جِدَٰلَنَا فَأْتِنَا بِمَا تَعِدُنَآ إِن كُنتَ مِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿٣٢﴾ قَالَ
إِنَّمَا يَأْتِيكُم بِهِ ٱللَّهُ إِن شَآءَ وَمَآ أَنتُم بِمُعْجِزِينَ ﴿٣٣﴾ وَلَا يَنفَعُكُمْ
نُصْحِيٓ إِنْ أَرَدتُّ أَنْ أَنصَحَ لَكُمْ إِن كَانَ ٱللَّهُ يُرِيدُ أَن يُغْوِيَكُمْ ۚ
هُوَ رَبُّكُمْ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٣٤﴾ أَمْ يَقُولُونَ ٱفْتَرَىٰهُ ۖ
قُلْ إِنِ ٱفْتَرَيْتُهُۥ فَعَلَيَّ إِجْرَامِى وَأَنَا۠ بَرِىٓءٌ مِّمَّا تُجْرِمُونَ ﴿٣٥﴾
وَأُوحِيَ إِلَىٰ نُوحٍ أَنَّهُۥ لَن يُؤْمِنَ مِن قَوْمِكَ إِلَّا مَن قَدْ ءَامَنَ
فَلَا تَبْتَئِسْ بِمَا كَانُوا۟ يَفْعَلُونَ ﴿٣٦﴾ وَٱصْنَعِ ٱلْفُلْكَ بِأَعْيُنِنَا
وَوَحْيِنَا وَلَا تُخَٰطِبْنِي فِى ٱلَّذِينَ ظَلَمُوٓا۟ ۖ إِنَّهُم مُّغْرَقُونَ ﴿٣٧﴾

29. Sinabi ni Nûh (عليه السلام) sa kanyang sambayanan: "*O aking sambayanan! Hindi ako humihiling sa inyo hinggil sa aking iniaanyaya sa inyo na Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at sa taos-pusong pagsamba lamang sa Kanya ng anumang kayamanan na ibibigay ninyo sa akin kapag kayo ay naniwala*, *subali't ang gantimpala ng aking pagpapayo sa inyo ay sa Allâh* (ﷻ) *lamang nagmumula*, *at hindi maaaring ipagtabuyan ko ang mga naniwala*, *dahil katiyakan na makakatagpo nila ang Allâh* (ﷻ) *na kanilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa Araw ng Muling Pagkabuhay*, *subali't ang nakikita ko sa inyo*, *kayo ay mga tao na mga mangmang*; *dahil sa pag-uutos ninyo sa akin na ipagtabuyan ang mga taong malalapit sa Allâh at ilayo ko sila sa akin*."

30. "*O aking sambayanan! Sino ang tutulong sa akin sa Allâh* (ﷻ) *kapag pinarusahan Niya ako dahil sa aking pagtataboy sa mga mananampalataya? Hindi ba ninyo sinusuri-suri ang mga bagay-bagay upang gawin ninyo ang anumang kapaki-pakinabang at nakabubuti sa inyo?*

31. "*At hindi ko sinasabi sa inyo na ako ay may kapangyarihan na panghimasukan ang mga Kabuhayan na nagmumula sa Allâh* (ﷻ), *ni sinasabing ako ay may kaalaman hinggil sa* '*Ghayb*' *o mga bagay na lihim*; *ni sinasabing ako ay nagmula sa mga anghel*, *at hindi ko rin sinasabi sa kanila na inyong mga minamaliit na tinatawag ninyong mahihinang mananampalataya na*: *kailanman ay hindi kayo pagkakalooban ng Allâh* (ﷻ) *ng gantimpala sa inyong mga gawain*, *dahil ang Allâh* (ﷻ) *ang Bukod-Tangi na Ganap na Nakaaalam sa anuman na nasa kanilang mga kalooban at mga puso*, *at kapag ito ay aking ginawa*, *samakatuwid*, *magiging kabilang ako sa kanila na mga masasama na ipinahamak ang kanilang mga sarili at ipinahamak nila ang iba.*"

32. Sinabi nila: "*O Nûh! Sa katunayan*, *ikaw ay nakipagtalo sa amin at labis na ang iyong pagkikipagtalo*, *na kung kaya*, *dalhin mo na rito ang ipinapangako mong kaparusahan kung ikaw ay totoo sa iyong pag-aangkin*."

33. Sinabi ni Nûh sa kanyang sambayanan: "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ), *Siya lamang ang Bukod-Tanging magpaparating ng kaparusahan sa inyo kung ito ay Kanyang*

nanaisin, *at hindi kayo makatatakas kapag ninais Niya ang pagpaparusa sa inyo*; *dahil Siya lamang*, *sa katotohanan ang hindi mapipigilan sa anumang Kanyang kagustuhan dito sa kalupaan at gayundin sa kalangitan*."

34. "*At hindi magiging kapaki-pakinabang sa inyo ang aking pagpapayo at ang aking pagsusumikap na pag-aanyaya sa inyo tungo sa paniniwala kapag ninais ng Allâh* (ﷻ) *na kayo ay iligaw at ipahamak*, *dahil Siya lamang ang Nagmamay-ari sa inyo at sa Kanya lamang kayo ibabalik sa Kabilang-Buhay para sa Paghuhukom at Pagbabayad*."

35. O di kaya ay sinasabi ba ng mga walang pananampalataya mula sa sambayanan ni Nûh: "*Inimbento ni Nûh ang salitang ito?*" Sabihin mo sa kanila: "*Kung ito ay aking inimbento laban sa Allâh* (ﷻ) *ay sa akin lamang ang pagkakasala nito – ako ang mananagot nito*, *subali't kung ako ay totoo at inosente sa lahat ng inyong mga ibinibintang ay kayo naman ang ituturing na masasama at mga makasalanan*, *at ako ay ligtas sa ginawa ninyong pagtanggi*, *pagpapasinungaling at pagiging masama*."

36. At ipinahayag ng Allâh (ﷻ) kay Nûh noong napatunayan, na ang kanyang sambayanan ay karapat-dapat sa parusa: "*Katiyakan*, *wala nang sinuman ang maniniwala sa Allâh mula sa kanila maliban sa sinumang naniwala noon*, *na kung kaya*, *huwag kang malungkot*, *O Nûh*, *sa anuman na kanilang ginagawa.*"

37. "*Gawin mo ang Arka sa pamamagitan ng Aming Pagmamasid at ayon sa Aming Rebelasyon*, *at huwag mo nang hilingin pa sa Akin na iantala Ko ang kaparusahan sa kanila na mga masasama mula sa iyong sambayanan dahil sa kanilang pagtanggi*, *walang pag-aalinlangan*, *sila ay malulunod sa pamamagitan ng delubyo o dakilang baha*."

Dito sa '*Âyah*' o talatang ito, ang patunay na ang Allâh (ﷻ) ay mayroong paningin ayon sa Kanyang Kamaharlikaan, na walang kahalintulad na alinman.



38. At habang ginagawa niya ang Arka, sa tuwing dumaraan sa kanya ang grupo ng mga matataas na tao mula sa kanyang sambayanan ay kanila siyang kinukutya, na sinabi naman ni Nûh sa kanila: "*Kung kinukutya ninyo kami ngayon dahil sa hindi ninyo alam ang katotohanan hinggil sa pangako ng Allâh* (ﷻ), *walang pag-aalinlangan ay kukutyain din namin kayo pagdating ng inyong pagkalunod na katulad ng pangungutya ninyo sa amin*."

39. "*At walang pag-aalinlangang malalaman ninyo kapag dumating ang pasiya ng Allâh* (ﷻ); *kung kanino ipararanas ang parusa ng Allâh dito sa daigdig na pagpapahamak, at magaganap sa kanya ang walang hanggang masidhing kaparusahan sa Kabilang-Buhay*."

40. Na kung kaya, nagpatuloy sa ganoong kahibangan hanggang sa dumating ang Aming kautusan na puksain sila na katulad ng ipinangako Namin kay Nûh, at bumulwak ang malakas na tubig mula sa '*Tannur*' (lugar na pagawaan ng tinapay o pugon) bilang tanda ng pagdating ng kaparusahan hanggang kumalat sa kalupaan, at sinabi Namin kay Nûh: "*Dalhin mo sa Arka mula sa bawa't uri ng hayop ang dalawang magkaparis at isama mo rin doon ang iyong pamilya – maliban sa kanya na nauna na ang pasiya dahil sa hindi siya naniwala sa Allâh, na katulad ng kanyang isang anak at saka ang kanyang asawa – at isama mo rin doon sa Arka ang sinumang naniwala sa iyo mula sa iyong sambayanan. At walang sinuman ang naniwala sa kanya kundi kakaunti lamang, kahit na ganoon pa katagal ang pananatili ni Nûh sa kanila*."

41. At sinabi ni Nûh sa sinumang naniwala sa kanya: "*Sumakay kayo sa Arka: sa Ngalan ng Allâh* (ﷻ) *ito ay lulutang sa tubig at sa Ngalan ng Allâh* (ﷻ) *ito ay dadaong at titigil sa paglayag nito. Katiyakan, ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha, Siya ang* '***Ghafour***' *– Ganap na Mapagpatawad sa kasalanan ng sinumang nagsisi at nagbalik-loob sa Kanya mula sa Kanyang mga alipin, na* '***Raheem***' *– Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila na hindi sila pinaparusahan pagkatapos ng kanilang pagsisisi*."

42. At samantalang inilalayag sila nito mula sa kalagitnaan ng mga naglalakihang alon na kasing-taas ng mga bundok, at tinawag ni Nûh ang kanyang anak na inilayo nito

ang kanyang sarili mula sa mga mananampalataya, at sinabi sa kanya: "*O aking anak*, *sumakay ka na sa Arka kasama sa amin at huwag kang sumama sa mga walang pananampalataya dahil malulunod ka*."

43. Sinabi ng anak ni Nûh: "*Ililigtas ko ang aking sarili sa pamamagitan ng pagpunta roon sa bundok upang ako ay mapalayo sa tubig*, *at mailigtas mula sa pagkalunod*." Tinugunan siya ni Nûh: "*Walang sinuman na maliligtas mula sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ) *at Kanyang pagpasiya na mangyari ang pagkalunod at pagkawasak sa Kanyang mga nilikha maliban sa sinuman ang kinaawaan ng Allâh*, *na kung kaya*, *maniwala ka na at sumakay ka na sa Arka na kasama namin*." At humarang na pagkatapos nito sa pagitan ng mag-ama ang matataas na alon at napasama na siya sa mga nalunod at namatay.

44. At sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kalupaan, pagkawasak ng sambayanan ni Nûh: "*O kalupaan! Sipsipin mo ang tubig mo*, *at O kalangitan! Itigil mo ang ulan*." At humupa ang tubig, at naganap ang itinakda ng Allâh (ﷻ) na pagkawasak sa sambayanan ni Nûh at dumaong ang Arka sa bundok ng '*Al-Jûdi*,' at sinabi: "*Kapahamakan at sumpa sa mga taong masasama na lumabag sa batas ng Allâh at hindi naniwala*."

45. At nanawagan si Nûh sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at sinabi: "*O aking* '*Rabb!*' *Katiyakang ipinangako Mo sa akin na ililigtas Mo ako at ang aking pamilya mula sa pagkalunod at pagkawasak*, *at katotohanan na ang aking anak ay kabilang sa aking pamilya*, *at tunay na ang Iyong pangako ay totoo*, *at Ikaw ang* '***Ahkamul Hâkimeen***' *– Pinakamatarungan sa lahat ng makatarungan*."

46. Sinabi ng Allâh (ﷻ): "*O Nûh*, *ang anak mo na namatay ay di-kabilang sa pamilya na ipinangako Ko sa iyo na Aking ililigtas*; *dahil sa siya ay lumabag sa Allâh at ang kanyang gawain ay kawalang-katarungan* (*masama*), *at katiyakan na pinagbabawalan kita na hilingin sa Akin ang bagay na wala kang kaalaman*, *katiyakang pinapayuhan kita upang hindi ka mapabilang sa mga mangmang sa paghiling mo sa Akin hinggil diyan*."

47. Sinabi ni Nûh: "*O aking* '*Rabb!*' *Hinihingi ko ang kalinga Mo at ang Iyong pangangalaga mula sa hiniling ko sa Iyo na wala akong kaalaman*, *at kapag hindi Mo pinatawad ang aking pagkakasala*, *at hindi Mo ako pagka-kalooban ng Awa ay mapapabilang ako sa mga talunan at hinamak ang kanilang mga sarili*."

48. Sinabi ng Allâh (ﷻ): "*O Nûh! Bumaba ka mula sa Arka tungo sa kalupaan na nasa kaligtasan at kapayapaan mula sa Amin*, *at ang mga biyaya ay sumaiyo at sa mga tao na kasama mo. Subali't mayroong mga tao at mga grupo na mula sa mga talunan na pagkakalooban* (*din*) *Namin sila ng kasiyahan ng buhay dito sa daigdig*, *hanggang sa marating nila ang dulo ng kanilang buhay*, *pagkatapos ay ipalalasap Namin sa kanila ang matinding kaparusahan mula sa Amin sa Araw ng Muling Pagkabuhay*."

49. Iyan ang kuwento na Aming isinalaysay sa iyo, O Muhammad (ﷺ), hinggil sa kuwento ni Nûh at ng kanyang sambayanan, na kabilang sa mga kuwento ng '*Ghayb*' – kabilang sa kuwento ng mga nakaraan na hindi mo nasaksihan, na Aming ipinahayag sa iyo, na wala kang kaalaman, ikaw at ang iyong sambayanan, bago naganap ang pagkakapahayag na ito.

Na kung kaya, tiisin mo ang pagpapasinungaling ng iyong sambayanan at ang kanilang pananakit sa iyo, na katulad ng pagtitiis ng mga naunang mga Propeta.

Katiyakan, ang magandang hantungan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay ay para lamang sa mga may takot sa Allâh sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng mga ipinag-uutos ng Allâh (ﷻ) at pag-iwas sa lahat ng Kanyang mga ipinagbabawal.

50. At sa sambayanan ni `Âd, Aming ipinadala sa kanila ang kanilang kapatid na si Hûd (عليه السلام), na sinabi sa kanila: "*O aking sambayanan! Sambahin ninyo ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi at walang sinuman sa inyo ang karapat-dapat na sumamba sa iba kundi sa Kanya lamang*, *na kung kaya*, *sambahin ninyo Siya nang taos-puso. Walang pag-aalinlangan na pagsisinungaling at pag-iimbento lamang ang ginagawa ninyong pagtatambal sa pagsamba sa Kanya*."

51. "*O aking sambayanan! Wala akong hinihiling sa inyo bilang kabayaran sa paghihikayat ng pagsamba nang taimtim na bukod-tangi na para lamang sa Allâh* (ﷻ) *at pag-iwas sa pagsamba ng mga diyus-diyusan*, *dahil ang aking gantimpala sa pag-aanyaya ko sa inyo ay nagmumula lamang sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang Lumikha sa akin. Na kung kaya*, *hindi ba kayo nakaiintindi kung gayon*, *nang sa gayon ay mabatid ninyo ang pagkakaiba ng katotohanan sa kamalian?*"

52. "*At O aking sambayanan! Humingi kayo ng kapatawaran sa Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng paniniwala ninyo sa Kanya at magbalik-loob kayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagsisisi sa mga nagawa ninyong kasalanan*, *at kapag ito ay inyong ginawa*, *magpapadala sa inyo ang Allâh* (ﷻ) *ng masaganang ulan na magkakasunud-sunod*, *upang lumaganap nang masagana ang kabutihan*, *at makaragdag ito ng lakas sa inyong lakas sa pamamagitan ng dami ng inyong lahi at sa pagkakasunud-sunod na mga biyaya sa inyo*, *at huwag ninyong talikuran ang paanyaya ko sa inyo na magpumilit kayo sa inyong mga masasamang gawain*."

53. Sinabi nila: "*O Hûd! Wala kang katibayan hinggil sa dinala mo sa amin bilang pagpapatunay na totoo ang iyong paanyaya*, *at hindi namin iiwan ang mga diyus-diyusan na aming mga sinasamba dahil lamang sa iyong sinasabi at hindi kami naniniwala sa mga pag-aangkin mo*."


إِن نَّقُولُ إِلَّا اعْتَرَىٰكَ بَعْضُ آلِهَتِنَا بِسُوءٍ ۗ قَالَ إِنِّي أُشْهِدُ اللَّهَ
وَاشْهَدُوا أَنِّي بَرِيءٌ مِّمَّا تُشْرِكُونَ ﴿٥٤﴾ مِن دُونِهِ ۖ فَكِيدُونِي
جَمِيعًا ثُمَّ لَا تُنظِرُونِ ﴿٥٥﴾ إِنِّي تَوَكَّلْتُ عَلَى اللَّهِ رَبِّي وَرَبِّكُم ۚ مَّا
مِن دَابَّةٍ إِلَّا هُوَ آخِذٌ بِنَاصِيَتِهَا ۚ إِنَّ رَبِّي عَلَىٰ صِرَاطٍ مُّسْتَقِيمٍ
﴿٥٦﴾ فَإِن تَوَلَّوْا فَقَدْ أَبْلَغْتُكُم مَّا أُرْسِلْتُ بِهِ إِلَيْكُمْ ۚ وَيَسْتَخْلِفُ
رَبِّي قَوْمًا غَيْرَكُمْ وَلَا تَضُرُّونَهُ شَيْئًا ۚ إِنَّ رَبِّي عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ حَفِيظٌ
﴿٥٧﴾ وَلَمَّا جَاءَ أَمْرُنَا نَجَّيْنَا هُودًا وَالَّذِينَ آمَنُوا مَعَهُ بِرَحْمَةٍ
مِّنَّا وَنَجَّيْنَاهُم مِّنْ عَذَابٍ غَلِيظٍ ﴿٥٨﴾ وَتِلْكَ عَادٌ ۖ جَحَدُوا بِآيَاتِ
رَبِّهِمْ وَعَصَوْا رُسُلَهُ وَاتَّبَعُوا أَمْرَ كُلِّ جَبَّارٍ عَنِيدٍ ﴿٥٩﴾ وَأُتْبِعُوا
فِي هَٰذِهِ الدُّنْيَا لَعْنَةً وَيَوْمَ الْقِيَامَةِ ۗ أَلَا إِنَّ عَادًا كَفَرُوا رَبَّهُمْ ۗ أَلَا
بُعْدًا لِّعَادٍ قَوْمِ هُودٍ ﴿٦٠﴾ ۞ وَإِلَىٰ ثَمُودَ أَخَاهُمْ صَالِحًا ۚ قَالَ
يَا قَوْمِ اعْبُدُوا اللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُ ۖ هُوَ أَنشَأَكُم مِّنَ الْأَرْضِ
وَاسْتَعْمَرَكُمْ فِيهَا فَاسْتَغْفِرُوهُ ثُمَّ تُوبُوا إِلَيْهِ ۚ إِنَّ رَبِّي قَرِيبٌ مُّجِيبٌ
﴿٦١﴾ قَالُوا يَا صَالِحُ قَدْ كُنتَ فِينَا مَرْجُوًّا قَبْلَ هَٰذَا ۖ أَتَنْهَانَا أَن
نَّعْبُدَ مَا يَعْبُدُ آبَاؤُنَا وَإِنَّنَا لَفِي شَكٍّ مِّمَّا تَدْعُونَا إِلَيْهِ مُرِيبٍ ﴿٦٢﴾

54-55. Ang masasabi lamang namin ay ipinaranas sa iyo ang sumpa ng ilan sa aming mga diyus-diyusan na sinasamba kaya ka nasiraan ng kaisipan dahil sa pagbabawal mo na sambahin ang mga ito. Kanyang sinabi sa kanila: "*Pinasasaksi ko ang Allâh* (ﷻ) *sa anuman na aking sinasabi at pinasasaksi ko kayo na ako ay walang pananagutan sa anumang itinatambal ninyo na sinasamba bukod sa Allâh*, *na mga rebulto*, *na kung kaya*, *maghanap kayo at gawin na ninyo ang anuman na inyong kakayahan*, *kayo at ang mga inaangkin ninyo na mga sinasamba upang ipahamak ako*, *pagkatapos ay huwag ninyong iaantala nang kahit na isang kisap-mata.*"

Ito ang patunay na si Propeta Hûd ay ganap ang pagtitiwala sa Allâh (ﷻ) na walang anumang maaaring mangyari sa kanya na kapinsalaan na magmumula sa kanila at kahit sa kanilang mga sinasamba na mga diyus-diyusan.

56. "*Katiyakan na ipinauubaya ko ang aking sarili sa Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *at inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na Nagmamay-ari ng lahat ng bagay at Nangangasiwa nito*, *na kung kaya*, *walang anuman ang maaaring mangyari sa akin maliban sa Kanyang kagustuhan*, *at Siya ang Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay! Walang anumang bagay na gumagapang sa ibabaw ng kalupaan kundi bukod-tangi na Pagmamay-ari lamang ng Allâh* (ﷻ), *at ito ay nasa ilalim ng Kanyang Kapangyarihan at Pangangasiwa.*

"*Katiyakan*, *ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Siyang nasa Matuwid na Landas*, *na Siya ang Ganap na Makatarungan sa Kanyang pagpasiya sa Kanyang Batas at sa Kanyang Kautusan*, *at tinutumbasan Niya ng kabutihan ang sinumang gumagawa ng kabutihan at pinaparusahan Niya ang sinumang gumagawa ng kasamaan*.

57. "*Na kung kaya*, *kung tatanggihan ninyo ang paghihikayat ko sa inyo tungo sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at taimtim na pagsamba lamang sa Kanya ay walang pag-aalinlangan na naiparating ko na sa inyo ang mensahe ng aking* '*Rabb*' *na para sa inyo*, *naipamalas ko na ang malinaw na katibayan*, *at dahil sa hindi kayo naniwala sa Allâh ay pupuksain Niya kayo at magpapalitaw Siya ng ibang tao na papalit sa inyo sa inyong mga tahanan at sa inyong mga kayamanan*, *na sila ay dalisay ang kanilang pagsamba sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at wala kayong anumang magagawa laban sa*

Allâh (ﷻ). *Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang* '***Hafeedz***' *– Ganap na Tagapangalaga sa lahat ng bagay*, *na kung kaya*, *ililigtas Niya ako mula sa anumang masama ninyong balakin*."

58. At nang dumating ang Aming kautusan na parusahan ang sambayanan ni Hûd ay iniligtas Namin si Hûd at ang mga mananampalataya na naniwala sa kanya bilang Kagandahang-Loob at Awa Namin sa kanila, at iniligtas Namin sila mula sa matinding parusa na Aming iginawad kina `Âd at sa kanyang mga tagasunod, hanggang sa wala ka nang makikita kundi ang kanilang mga tahanan na lamang.

59. Ganoon ang nangyari sa sambayanan ni `Âd na nilabag nila ang mga talata ng Allâh at sinalungat nila ang Kanyang mga Sugo, at ang sinunod lamang nila ay ang kautusan ng lahat ng nagmataas laban sa Allâh na hindi tumatanggap ng katotohanan at hindi nagpapakumbaba.

60. At nangyari sa kanila ang sumpa rito sa daigdig mula sa Allâh at pagkamuhi sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Katiyakan! Walang pag-aalinlangang ang sambayanan ni `Âd ay tumanggi sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at pinasinungalingan ang Kanyang mga Sugo. Na kung kaya, hinamak ang sambayanan ni `Âd na kabilang sa sambayanan ni Hûd at malayung-malayo na sila sa Awa ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang pagsamba ng iba bukod sa Allâh at pagbabalewala nila sa biyaya ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

61. At ipinadala Namin sa sambayanan ni Thamoud ang kanilang kapatid na si Sâleh (عليه السلام), at kanyang sinabi sa kanila: "*O aking sambayanan! Sambahin ninyo ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi na walang katambal*, *at maging taimtim kayo sa pagsamba sa Kanyang Kaisahan*, *dahil walang pag-aalinlangan*, *wala kayong ibang* '*ilâh*' (*diyos na sinasamba*) *o bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa Kanya*, *Siya ang Lumikha sa inyo sa unang paglikha na mula sa lupa dahil sa nilikha Niya ang inyong ama na si Âdam mula rito*, *at ginawa Niya na kayo ay manahan* (*manirahan*) *doon*, *na kung kaya*, *hilingin ninyo sa Kanya ang kapatawaran sa inyong mga pagkakasala at magbalik-loob kayo sa Kanya sa pamamagitan ng taos-pusong pagsisisi. Katiyakang ang aking* '*Rabb*' *ay napakalapit* (*sa pamamagitan ng Kanyang Ganap at Walang-Hanggang Kaalaman*) *sa sinumang taimtim ang kanyang pagsamba sa Kanya*, *at nagnanais na malinis ang kanyang sarili na tumutugon sa kanya kapag siya ay nangangailangan*."

62. Sinabi ng sambayanan ni Thamoud sa kanilang Propeta na si Sâleh: "*Katiyakan*, *kami ay umaasa na ikaw ay maging pinuno para sa amin na sinusunod noong bago mo sabihin ang bagay na iyan sa amin*, *pagbabawalan mo ba kami na sambahin ang mga diyus-diyusan na sinamba ng aming mga ninuno? At kami sa katunayan ay may pag-aalinlangan sa anumang hinihikayat mo sa amin tungo sa pagsamba sa Kaisahan ng Allâh*."



63. Sinabi ni Sâleh (عليه السلام) sa kanyang sambayanan: "*O Aking sambayanan! Sabihin nga ninyo sa akin*, *kung ako ay mayroong malinaw na katibayan mula sa Allâh* (ﷻ), *at pinagkalooban Niya ako ng biyaya bilang pagka-Propeta*, *sino ang may kakayahan na iligtas ako mula sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ) *kapag Siya ay aking nilabag at hindi ko ipinarating ang Kanyang mensahe at hindi ako nagbigay ng pagpapayo sa inyo? Subali't wala kayong naidaragdag sa akin kundi pagkaligaw at pagkalayo mula sa kabutihan*."

64. "*At O aking sambayanan! Ito ay babaing-kamelyo ng Allâh na ginawa Niya para sa inyo bilang katibayan at palatandaan*, *na nagpapatunay na ako ay totoo sa aking paghihikayat sa inyo*, *na kung kaya*, *pabayaan ninyo ito na manginain sa kalupaan ng Allâh* (ﷻ) *dahil hindi naman kayo ang nagkakaloob ng kabuhayan nito*, *huwag ninyong pakialaman at patayin sa pamamagitan ng pagsaksak dahil kapag ito ay ginawa ninyo*, *hindi magtatagal ay pupuksain kayo ng Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng Kanyang masidhing kaparusahan*."

65. Subali't hindi sila naniwala kay Sâleh (عليه السلام) at pinatay nila ang babaing-kamelyo, kaya sinabi sa kanila ni Sâleh: "*Magpakasaya na kayo sa inyong mga sarili sa inyong mga bahay nang tatlong araw dahil pagkatapos nito ay darating sa inyo ang kaparusahan*, *at ito ay pangako ng Allâh* (ﷻ) *na walang kasinungalingan at tiyak na magaganap*."

66. At nang dumating ang Aming Kautusan na pagpuksa sa sambayanan ni Thamoud ay iniligtas Namin si Sâleh at ang mga yaong naniwala sa kanya mula sa pagkahamak dahil sa Aming Awa sa kanila. At iniligtas Namin sila sa kapahamakan at kahihiyan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), Siya ay '***Al-Qawee***' – ang Ganap na Malakas, na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan, at bilang Lakas Niya at Kapangyarihan ay pinuksa Niya ang mga naunang naghimagsik na mga tao, at iniligtas Niya ang mga Sugo at ang kanilang mga tagasunod.

67. At dumating sa sambayanan ni Thamoud na mga masasama ang napakalakas na ingay, na kung kaya, sila ay nakahandusay na mga bangkay na nakasubsob ang kanilang mga mukha na walang anumang buhay sa kanilang mga tahanan.

68. Na katulad ng napakabilis nilang pagkamatay ay parang hindi man lamang sila nabuhay noon doon. Katiyakan! Walang pag-aalinlangan na ang sambayanan ni Thamoud ay nilabag ang mga talata ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at mga katibayan. Na kung kaya, napakalayo na ng sambayanan ni Thamoud at itinakwil mula sa Awa ng Allâh, samakatuwid, napakasama ng kanilang naging kapalaran at napakahamak nila.

69. At katiyakan, dumating ang mga anghel kay Ibrâhim (عليه السلام) na may magandang balita para sa kanya at sa kanyang asawa, na siya ay magkakaroon ng anak na magngangalang Ishâq (عليه السلام) at si Ishâq naman ay magkakaroon ng anak na si Ya`qûb (عليه السلام), at kanilang sinabi (ng mga anghel): "*Salâm – Kapayapaan ay sumainyo*," kanyang sinabi bilang pagtugon sa kanilang pagsabi: "*Salâm – Kapayapaan ay sumainyo* (*rin*)," at pagkatapos siya ay umalis nang dali-dali at dala-dala niya sa kanyang pagbalik ang inihaw na matabang anak ng baka upang sila ay pakainin mula rito.

70. Nang makita ni Ibrâhim (عليه السلام) na hindi nila ginagalaw ang pagkaing baka na inihain niya sa kanila at hindi sila kumain mula rito, namangha siya sa kanila, at nagkaroon siya ng takot sa kanyang sarili at ito ay kanyang kinimkim. Sinabi ng mga anghel – noong nakita nila kay Ibrâhim ang takot: "*Huwag kang matakot dahil walang pag-aalinlangan na kami ay mga anghel mula sa Allâh na iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na ipinadala kami tungo sa sambayanan ni Lût upang sila ay puksain*."

71. At ang asawa ni Ibrâhim na si Sârah ay nakatayo (roon) na nakakubli sa likuran nila na narinig niya ang salita, at natawa siya bilang pagkamangha sa kanyang narinig. Subali't ibinigay Namin sa kanya ang magandang balita sa pamamagitan ng mga anghel, na siya ay magkakaroon ng anak mula sa kanyang asawa na si Ibrâhim, na ang sanggol na ito ay papangalanang Ishâq, at ang kanyang anak na ito ay mamumuhay at magkakaroon siya mula sa anak na ito na si Ishâq ng apo, na ang kanyang pangalan ay Ya`qûb.

72. Sinabi ni Sârah bilang pagtataka noong ibinalita sa kanya na siya ay magkakaroon ng anak na si Ishâq: "*Kapighatian sa akin! Paano ako magkakaroon ng anak samantalang ako ay matanda na*, *at itong aking asawa ay nasa matindi na ring katandaan? Katiyakan*, *ang pagkakaroon ng anak ng katulad ko at ang katulad ng aking asawa na nasa matinding katandaan ay isang bagay na hindi kapani-paniwala*."

73. Sinabi ng mga Sugo (mga anghel) sa kanya: "*Namamangha ka ba sa kagustuhan at itinakda ng Allâh* (ﷻ)*? Ang Awa ng Allâh* (ﷻ) *at ang Kanyang pagpapala ay sumainyo*, *O kayong pamilya na mula sa Tahanan ng pagka-Propeta. Walang pag-aalinlangan*, *ang Allâh* (ﷻ) *na Luwalhati sa Kanya na Kataas-Taasan*, *Siya ang* '***Hameed***' *– Ganap na Kapuri-Puri na nasa Kanya ang mga kapuri-puring katangian at mga gawain*, *na* '***Majeed***' *– Ganap na Kapuri-Puri dahil sa Kanyang Kataas-Taasan at Karangalan*, *Pinakamaluwalhati*; *na pinupuri sa Kanyang mga katangian at gawa*, *at sa Kanyang Kataas-Taasan at Karangalan sa lahat ng pagkakataon.*"

74. At nang mawala na ang takot ni Ibrâhim (عليه السلام) dahil sa hindi pagkain ng kanyang mga panauhin at hinggil sa pagdating sa kanya ng magandang balita na pagkakaroon ng anak na si Ishâq (عليه السلام) at pagkakaroon ng apo na si Ya`qûb (عليه السلام) ay nagpatuloy pa rin siya sa pakikipagtalo sa Aming mga Sugo hinggil sa pagkapadala Namin sa kanila upang parusahan ang sambayanan ni Lût at puksain.

75. Katiyakan, si Ibrâhim ay walang pag-aalinlangan na napakalawak ang kanyang pang-unawa, na ayaw niya ang biglaang pagpaparusa, at kinagawian niya na manalangin sa Allâh (ﷻ) nang buong kapakumbabaan at kataimtiman, at siya ay nagbabalik-loob tungo sa Allâh (ﷻ) at ipinauubaya niya sa Allâh (ﷻ) ang lahat ng mga pangyayari.

76. Sinabi ng mga Sugo ng Allâh (mga anghel): "*O Ibrâhim! Iwasan mo na ang pakikipagtalo hinggil sa sambayanan ni Lût at paghihingi ng awa para sa kanila*; *dahil katiyakan na itinakda na ng Allâh* (ﷻ) *ang pagpaparusa sa kanila*, *at dumating na ang Kautusan ng iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na nakatakda para sila ay*

puksain. Katiyakan, *ibababa na ang kaparusahan mula sa Allâh* (ﷻ) *na walang sinuman ang makapipigil nito*."

77. At noong dumating ang mga anghel na Sugo Namin kay Lût (عليه السلام) ay nagdalamhati siya sa kanilang pagdating at nalungkot; dahil sa hindi niya alam na sila ay mga Sugo ng Allâh, kaya natakot siya sa gagawin laban sa kanila ng kanyang sambayanan at kanyang sinabi: "*Ito ay araw ng matinding pagsubok at paghihinagpis*."

78. At dumating ang sambayanan ni Lût na nagmamadali tungo sa kanya upang hilingin na mapahintulutan sila na makagawa ng karumal-dumal na gawain sa kanila (mga anghel), at sila noon bago ang pagdating ng mga Sugo ay pinagnanasaan at nakikipagtalik ang mga kalalakihan sa kapuwa nila kalalakihan at hindi sa mga kababaihan (na kanilang mga asawa), at sinabi ni Lût sa kanila: "*Ito ang aking mga anak*, *mga kababaihan*, *pakasalan ninyo sila dahil sila ay higit na malinis para sa inyo kaysa sa inyong nais na masama*," *– at tinawag ni Lût ang mga kababaihan na aking mga anak dahil ang isang Propeta sa kanyang sambayanan ay katumbas ng kanilang ama*, – "*at matakot kayo sa Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng paglayo sa Kanyang mga kaparusahan*, *at huwag ninyo akong ipahiya sa pamamagitan ng pakikialam sa aking mga panauhin! Wala ba kayo ni isa mang matinong lalaki na pagbabawalan ang sinumang nagnanais na gumawa ng anumang kahalayan at ilalayo ang sinuman mula rito?*"

79. Sinabi ng sambayanan ni Lût sa kanya: "*Katiyakan*, *alam mo noon pa man na wala kaming anumang pagnanasa sa mga kababaihan at hindi kami nangangailangan sa kanila*, *at katotohanan na batid mo ang aming kagustuhan*, *na kami ay walang hilig kundi mga kalalakihan at hindi namin nais na mag-asawa ng mga kababaihan*."

80. Sinabi sa kanila noong sila ay tumanggi sa kanya at nais pa rin nilang gumawa ng kahalayan: "*Kung mayroon lamang akong kapangyarihan*, *o mga kaagapay na tagatulong sa akin*, *na gapiin sila*, *o di kaya ay tutungo ako sa mga may kapangyarihan na tutulong sa akin laban sa kanila*, *ay tiyak na ilalayo ko sa kanila ang anuman na kanilang nais*."

81. Sinabi ng mga anghel: "*O Lût*, *katiyakan*, *kami ay Sugo ng iyong* '*Rabb*,' *ipinadala kami upang puksain ang iyong sambayanan! Katiyakan na hindi ka nila maaabot upang ikaw ay kanilang pakialaman o pinsalain! Na kung kaya*, *lumabas ka na sa bayan na ito*, *ikaw at ang iyong pamilya habang may natitira pang bahagi sa gabing ito*, *at walang sinuman ang nararapat na lumingon sa inyo*; *upang hindi niya makita ang parating na parusa*, *subali't ang iyong asawa ay maiiwan dahil niloko ka niya at siya ay lumabag sa Allâh* (ﷻ), *na kung kaya*, *walang pag-aalinlangan*, *matatamo niya ang anumang natamo ng iyong sambayanan na pagkawasak*, *at katiyakan na nakatakda ang pagwasak sa kanila sa umaga*, *hindi ba napakalapit na ang pagdating ng umaga?*"

82-83. At nang dumating ang Aming Kautusan na ibaba ang parusa sa kanila, binaligtad Namin ang kanilang bayan, na ang nasa ibabaw ay napunta sa ibaba, at pinaulanan Namin sila ng mga bato na mula sa mga matitigas na luwad o '*clay*' at sa napakaayos na pagkakasalansan at pagkakasunud-sunod nito, na may tanda na nagpapahiwatig na ito ay mula sa Allâh (ﷻ), na ito ay hindi katulad ng alinmang bato rito sa kalupaan, at ang mga batong ito na pinaulan ng Allâh sa sambayanan ni Lût ay hindi malayo na ipaulan din Niya ang mga ganito sa mga Quraysh, at ang kaparusahang ito na naganap ay pagbabanta sa sinumang lumalabag at naghihimagsik laban sa Allâh.

84. At ipinadala rin Namin sa sambayanan ni Madyan ang kanyang kapatid na si Shu`ayb (عليه السلام) at kanyang sinabi: "*O aking sambayanan! Sambahin ninyo ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi na Nag-iisa dahil wala kayong dapat na sambahin bukod sa Kanya*, *at huwag ninyong dayain ang karapatan ng mga tao sa pamamagitan ng di-pagbibigay ng tamang sukat at timbang*, *dahil nakikita ko na kayo ay nasa kasaganaan at maluwag na pamumuhay*, *at katiyakan na ako ay natatakot na mangyari sa inyo ang kaparusahan dahil sa pagbabawas na ginagawa ninyo sa sukat at timbang*, *sa Araw na kayo ay hindi makaliligtas sa kaparusahan*."

85. "*At O aking sambayanan! Isagawa ninyo nang makatarungan ang pagbibigay ng sukat at timbang*, *at huwag ninyong bawasan ang karapatan ng mga tao sa lahat ng inyong pakikitungo sa kanila*, *at huwag kayong magsitungo sa kalupaan na gumagawa ng paglabag sa Allâh at pagkalat ng kasamaan*."

86. "*Katiyakan*, *anuman ang itinira ng Allâh* (ﷻ) *para sa inyo pagkatapos ninyong isagawa ang tamang sukat at timbang*, *ay ito ang tunay na legal o* '*halâl*' *na kita ninyo*, *na higit na nakabubuti sa inyo kaysa sa inyong kinita sa pandaraya at sa anumang ipinagbabawal na pinagkakakitaan*, *kung kayo ay naniniwala sa Allâh* (ﷻ) *nang tunay ay sundin ninyo ang Kanyang ipinag-utos*. *At hindi ako tagapangalaga para sa inyo upang bilangin ang inyong mga gawain*."

87. At kanilang sinabi: "*O Shu`ayb! Ang* '*Salâh*' (*o pagdarasal*) *mo bang ito na patuloy mong isinasagawa ay nag-uutos sa iyo na iwan ang anumang sinasamba ng*

ating mga ninuno na mga rebulto at mga imahen, *o di kaya ay itigil namin ang mga panloloko at pandarayang ginagawa namin sa anumang pinagkakakitaan namin?* At kanilang sinabi bilang pag-aalipusta: "*Katunayan*, *ikaw ay isang tao na may malawak na pang-unawa at matino*."

88. Sinabi ni Shu`ayb: "*O aking sambayanan! Sabihin nga ninyo sa akin kung ako ay nasa malinaw na daan mula sa aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa anumang hinihikayat ko sa inyo na pagsamba nang dalisay at taimtim na para lamang sa Kanya*, *at sa anumang ipinagbabawal ko sa inyo na pamiminsala sa kayamanan*, *at pinagkalooban Niya ako mula sa Kanya ng maraming kabuhayan na legal at malinis*, *hahaluan ko ba ito ng kita mula sa masama?*

"*At hindi ko nais na maging salungat sa inyo*, *na isasagawa ang anumang bagay na ipinagbabawal ko sa inyo*, *at wala akong hangarin sa anumang ipinag-uutos ko at ipinagbabawal sa inyo*, *kundi upang ituwid lamang kayo sa abot ng aking kakayahan.*

"*At ang aking patnubay tungo sa katotohanan at pagsasatuwid sa inyo ay hindi mangyayari maliban na lamang sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ), *at sa Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi ko ipinauubaya ang aking sarili at sa Kanya ako nagbabalik-loob at nagsisisi*."

89. "*At O aking sambayanan! Huwag ninyong hayaan na maging daan ang inyong pakikipaglaban at galit sa akin upang kayo ay lumayo sa* '*Deen*' *o Relihiyon na aking kinaroroonan*, *at pagpapanatili ninyo sa paglabag sa Allâh*, *dahil mangyayari sa inyo ang katulad ng nangyari sa sambayanan ni Nûh*, *o di kaya ay sa sambayanan ni Hûd*, *o di kaya ay sa sambayanan ni Sâleh*, *sa kanilang pagkawasak*, *at sa sambayanan ni Lût*, *na dumating sa kanila na kaparusahan*, *na maging sa lugar na pinangyarihan at panahon ay hindi pa rin ito nalalayo*."

90. "*At hilingin ninyo sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na patawarin kayo sa inyong mga pagkakasala*, *pagkatapos ay manumbalik kayo sa pagsunod sa Kanya at doon na kayo manatili. Katiyakan*, *ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang* '***Raheem***' *– Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal*, *na* '***Wadoud***' *– Lubos na Mapagmahal sa sinumang malalapit* (*sa Allâh*) *na nagsisisi at nagbabalik-loob sa Kanya*, *na kinaaawaan Niya ito at tinatanggap Niya ang kanyang pagsisisi*."

At sa '*Âyah*' o talatang ito ang patunay hinggil sa katangian ng Allâh (ﷻ) na '***Ar-Raheem***' at '***Al-Wadoud***,' na ang mga ito ay karapat-dapat lamang sa Kanyang Kamaharlikaan at Kaluwalhatian.

91. Sinabi nila: "*O Shu`ayb*, *hindi namin naiintidihan ang karamihan sa iyong mga sinasabi*, *at katiyakan na ang tingin namin sa iyo ay mahina at hindi ka kabilang sa mga matataas o kinikilala*, *kung hindi lamang dahil sa iyong pamilya ay papatayin ka namin sa pamamagitan ng pagbato – ang tinutukoy na pamilya niya rito ay yaong sumusunod sa kanyang* '*Deen*' *– at wala kang halaga sa amin upang ikaw ay aming igalang*."

92. Kanyang sinabi: "*Ang akin bang pamilya ay mas matimbang at kagalang-galang sa inyo kaysa sa Allâh* (ﷻ)*? Samantalang tinalikuran ninyo ang ipinag-utos ng inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at itinaboy ninyo sa inyong mga likuran*, *ayaw ninyong sumunod sa Kanya at ayaw ninyong iwasan ang Kanyang ipinagbawal. Katiyakan*, *ang aking* '*Rabb*' *ang Ganap na Nakaaalam sa anumang inyong ginagawa*, *na walang anuman ang naililihim sa Kanya sa inyong mga gawain na kahit na katiting*, *at walang pag-aalinlangan*, *na di-maglalaon ay gagantihan kayo*."

93. "*At O aking sambayanan! Gawin na ninyo ang lahat ng kakayahan na magagawa ninyong gawin*, *dahil ako sa katotohanan ay gagawin ko rin ang anumang pamamaraan na ipinagkaloob sa akin ng aking* '*Rabb*' *upang hikayatin kayo tungo sa Kanyang Kaisahan*, *at walang pag-aalinlangang malalaman ninyo kung sino sa atin ang daratnan ng kaparusahan na siyang magpapahamak sa kanya*, *at kung sino sa atin ang nagsisinungaling hinggil sa kanyang sinasabi*, *ako ba o kayo? At abangan ninyo ang tiyak na mangyayari sa inyo! Katiyakan*, *ako ay ganoon din na kasama ninyo sa pag-aabang.*" At ito ay matinding pagbabanta sa kanila.

94. At nang dumating ang Aming Kautusan upang puksain ang sambayanan ni Shu`ayb (عليه السلام) ay iniligtas Namin ang Aming Sugo na si Shu`ayb at ang mga yaong naniwala na kasama niya bilang tunay na Awa mula sa Amin. At pinuksa Namin ang mga yaong masasama sa pamamagitan ng malalakas na ingay (o nakabibinging ingay) mula sa kalangitan at pinatay silang lahat, at sila sa kanilang mga tahanan ay nakasubsob ang kanilang mga mukha at katawan sa kanilang mga tuhod, na mga namatay na walang anumang buhay.

95. Na parang hindi man lamang sila nanatili nang matagal na panahon sa kanilang mga tahanan! Na kung kaya, napakalayo na ang mga sambayanan ng Madyan bilang sumpa sa kanila dahil pinuksa sila ng Allâh (سبحانه وتعالى) at ipinahiya, na tulad ng napala ng sambayanan ni Thamoud, dahil magkatulad ang dalawang grupong ito sa kanilang paglayo at pagkawasak.

96. At katiyakan, Aming ipinadala si Mousã (عليه السلام) kalakip ang mga mga katibayan hinggil sa Kaisahan ng Allâh (سبحانه وتعالى) at malinaw na katibayan sa sinumang makakakita nito – na may totoong puso – na ito ay nagpapatunay sa Kaisahan ng Allâh (سبحانه وتعالى), at pagpapasinungaling sa sinumang nag-aangkin ng pagiging '*Rabb*' na Tagapaglikha bukod sa Allâh sa Kanyang Kaluwalhatian.

97. Ipinadala Namin si Mousã tungo kay Fir`âwn at sa matataas na kanyang mga tagasunod, gayundin sa pinuno ng kanyang sambayanan, subali't lumabag at hindi naniwala si Fir`âwn at inutusan niya ang kanyang sambayanan na sumunod sa kanya at sila naman ay sumunod, at sinalungat nila ang kautusan ni Mousã, kahit na walang anumang gabay sa ipinag-uutos ni Fir`âwn kundi pawang kamangmangan, pagkaligaw, pagtanggi at pagmamatigas.



98. Pangungunahan ni Fir`âwn ang kanyang sambayanan sa Araw ng Muling Pagkabuhay at aakayin sila patungo sa Impiyerno, at napakasama ang kanilang hahantungan na kung saan sila ay inakay.

99. At ipinaabot sa kanila ng Allâh (ﷻ), na rito sa daigdig ay kasama bilang sumpa ang paunang parusa ng Allâh sa kanila na pagkalunod sa karagatan at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay isusumpa pa rin silang muli ng Allâh sa pamamagitan ng pagpapapasok sa kanila sa Impiyerno, at napakasama ng pinagsama at magkasunod na parusa ng Allâh sa kanila: ang pagsumpa sa kanila sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

100. Iyan ang ilan sa mga isinalaysay Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na mga bayan na Aming pinuksa ang mga naninirahan doon, at mayroon sa mga bayang yaon na hanggang sa ngayon ay may mga natitira pang labi (o bakas) at mga tanda, at mayroon naman sa mga ito na wala nang natitirang anumang bakas ni anumang bagay bilang tanda ng naiwan.

101. At kailanman, ang pagpuksa Namin sa kanila ay hindi kamalian kundi sila mismo ang nagmali at nang-api sa kanilang mga sarili dahil sa kanilang pagsamba ng iba bukod sa Allâh at pamiminsala sa kalupaan, at kailanman ay walang magagawa sa kanila ang kanilang mga sinamba na mga diyus-diyusan at pinapanalanginan at hiningan ng kaligtasan na mailayo sila sa anumang kaparusahan kapag dumating ang pag-uutos ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na parusahan sila, ni walang maibibigay na anumang karagdagang kapakinabangan ang kanilang mga diyus-diyusan na sinasamba kundi pagkawasak, pagkapuksa at pagkatalo.

102. At kung paano Ko pinuksa ang mga masasama na nanirahan dito sa mga bayan na ito bilang parusa sa ginawa nilang pagtanggi sa Aking Kautusan at hindi paniniwala sa Aking mga Sugo, ay gayundin ang mga iba na mga nanirahan sa kani-kanilang bayan kapag inapi nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang pagtanggi sa Allâh at paglabag sa Kanyang Kautusan at pagtanggi sa Kanyang mga Sugo. Katiyakan, ang Kanyang pagpuksa ay napakasidhing kaparusahan.

103. Katiyakan, ang ginawang pagparusa sa mga naunang taong masasama ay bilang aral sa sinumang natatakot sa kaparusahan ng Allâh at sa Kanyang pagpaparusa sa

Kabilang-Buhay, na sa Araw na yaon ay titipunin ang lahat ng mga tao para sa paghuhukom at pagbabayad, na ito ay matutunghayan ng lahat ng nilikha.

104. At hindi Namin ito inantala para sa inyo hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay kundi dahil sa naitakda na ang panahon nito na Kami lamang ang Nakaaalam, na hindi madaragdagan ni mababawasan ayon sa Aming pagkatakda sa pamamagitan ng Aming Ganap na Kaalaman.

105. Sa araw na kapag dumating ang Araw ng Muling Pagkabuhay ay walang sinuman ang makapagsasalita maliban na lamang sa kapahintulutan ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na kung kaya, mayroon sa kanila ang sawing-palad na karapat-dapat na parusahan sa Impiyerno at mayroon namang pinagpala na pinarangalan ng mga kagandahang-loob mula sa Allâh (ﷻ).

106-107. At para sa mga yaong sawing-palad dahil sa kanilang pagiging masama rito sa daigdig dahil sa pagkasira ng kanilang paniniwala at maling gawain, ay Impiyerno ang kanilang pananatilihan at para sa kanila roon dahil sa sidhi ng kaparusahan ay pag-atungal nila ng mataas at mababang boses, at ito ang dalawang napakasama at kakila-kilabot na boses, at sila ay mananatili sa Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan, hanggang nananatili ang mga (ipinalit na panibagong) kalangitan at kalupaan,[46] at patuloy ang paggawad ng parusa sa kanila at ito ay walang katapusan, at ito ay katiyakang magpapatuloy, maliban na lamang sa sinumang naisin ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na palabasin mula rito, na mga makasalanan na naniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) pagkatapos nilang manatili sa Impiyernong-Apoy. Katiyakan, ang Allâh na iyong '*Rabb*,' O Muhammad (ﷺ), ay ginagawa Niya ang anuman na Kanyang nais.

108. At yaong mga pinagpala naman ng Allâh (ﷻ) ay papapasukin sila sa '*Al-Jannah*' na sila ay mananatili roon hanggang nananatili ang mga (ipinalit na panibagong) kalangitan at kalupaan, maliban sa grupo na ninais ng Allâh na maantala, na sila ay ang mga yaong makasalanan na naniwala at sumamba sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), dahil sa sila ay mananatili muna sa Impiyerno nang karapat-dapat na panahon, pagkatapos nito ay palalabasin sila mula roon patungo sa '*Al-Jannah*' ayon sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Awa: pagkakalooban ng iyong '*Rabb*' ang mga yaong pinagpala ng Hardin bilang gantimpala na walang-hanggan.

[46]Mangyari lamang ay tingnan ang hinggil sa paksang ito sa Qur'ân 14:48.

فَلَا تَكُ فِي مِرْيَةٍ مِّمَّا يَعْبُدُ هَٰؤُلَاءِ ۚ مَا يَعْبُدُونَ إِلَّا كَمَا يَعْبُدُ
ءَابَآؤُهُم مِّن قَبْلُ ۚ وَإِنَّا لَمُوَفُّوهُمْ نَصِيبَهُمْ غَيْرَ مَنقُوصٍ ﴿١٠٩﴾
وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ فَٱخْتُلِفَ فِيهِ ۚ وَلَوْلَا كَلِمَةٌ
سَبَقَتْ مِن رَّبِّكَ لَقُضِىَ بَيْنَهُمْ ۚ وَإِنَّهُمْ لَفِى شَكٍّ مِّنْهُ مُرِيبٍ
﴿١١٠﴾ وَإِنَّ كُلًّا لَّمَّا لَيُوَفِّيَنَّهُمْ رَبُّكَ أَعْمَٰلَهُمْ ۚ إِنَّهُۥ بِمَا يَعْمَلُونَ
خَبِيرٌ ﴿١١١﴾ فَٱسْتَقِمْ كَمَآ أُمِرْتَ وَمَن تَابَ مَعَكَ وَلَا تَطْغَوْا ۚ
إِنَّهُۥ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿١١٢﴾ وَلَا تَرْكَنُوٓا۟ إِلَى ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟
فَتَمَسَّكُمُ ٱلنَّارُ وَمَا لَكُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ مِنْ أَوْلِيَآءَ ثُمَّ
لَا تُنصَرُونَ ﴿١١٣﴾ وَأَقِمِ ٱلصَّلَوٰةَ طَرَفَىِ ٱلنَّهَارِ وَزُلَفًا مِّنَ
ٱلَّيْلِ ۚ إِنَّ ٱلْحَسَنَٰتِ يُذْهِبْنَ ٱلسَّيِّـَٔاتِ ۚ ذَٰلِكَ ذِكْرَىٰ لِلذَّٰكِرِينَ
﴿١١٤﴾ وَٱصْبِرْ فَإِنَّ ٱللَّهَ لَا يُضِيعُ أَجْرَ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١١٥﴾ فَلَوْلَا
كَانَ مِنَ ٱلْقُرُونِ مِن قَبْلِكُمْ أُو۟لُوا۟ بَقِيَّةٍ يَنْهَوْنَ عَنِ ٱلْفَسَادِ
فِى ٱلْأَرْضِ إِلَّا قَلِيلًا مِّمَّنْ أَنجَيْنَا مِنْهُمْ ۗ وَٱتَّبَعَ ٱلَّذِينَ
ظَلَمُوا۟ مَآ أُتْرِفُوا۟ فِيهِ وَكَانُوا۟ مُجْرِمِينَ ﴿١١٦﴾ وَمَا كَانَ
رَبُّكَ لِيُهْلِكَ ٱلْقُرَىٰ بِظُلْمٍ وَأَهْلُهَا مُصْلِحُونَ ﴿١١٧﴾

109. Na kung kaya, huwag kang mag-alinlangan, O Muhammad (ﷺ), sa pagiging mali ng anumang sinasamba ng mga ‘*Mushrikûn*’ mula sa iyong sambayanan, dahil wala silang sinasamba kundi mga rebulto na katulad ng sinamba ng kanilang mga ninuno noon, at katiyakang tutuparin Namin ang Aming ipinangako sa kanila nang walang anumang kakulangan.

110. At katiyakan, ipinagkaloob Namin kay Mousã (عليه السلام) ang Aklat, na ito ay ang ‘*Tawrah*,’ at nagkasalungatan hinggil dito ang kanyang sambayanan, naniwala ang ibang grupo mula sa kanila at tumanggi naman sa paniniwala ang iba. At kung hindi lamang dahil sa paunang pagkakatakda mula sa iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha na katiyakang hindi Niya mamadaliin sa Kanyang nilikha ang parusa, ay nangyari na sa kanila rito sa daigdig ang pinagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) na pagpuksa sa mga tumanggi sa paniniwala at pagligtas naman sa mga naniwala. At ang mga walang pananampalataya sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), ay may pagdududa sa Dakilang Qur’ân na matindi ang pag-aalinlangan.

111. At katiyakan, lahat ng mga yaong iba’t ibang sambayanan na nagkakasalungatan na nabanggit Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang hinggil sa kanila ay walang pag-aalinlangan na tutuparin ng iyong ‘*Rabb*’ sa kanila at ipagkakaloob ang kabayaran sa mga gawain nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ang mabuti ay mabuti rin at ang masama ay masama rin, katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha ang Siyang ‘***Khabeer***’ – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya ang anumang ginagawa nila na mga ‘*Mushrikûn*,’ na walang anumang naililihim sa Kanya sa mga gawain nila. At ito ay bilang pagbabanta para sa kanila.

112. Na kung kaya, magpakatatag ka, O Muhammad (ﷺ), na katulad ng ipinag-utos sa iyo ng iyong ‘*Rabb*,’ ikaw at ang sinuman na mga nanumbalik na kasama ka, at huwag ninyong lampasan ang hangganang itinakda ng Allâh (ﷻ) sa inyo, dahil katiyakan, ang iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha ang Siyang ‘***Baseer***’ – Walang-Hanggan at Ganap na Nakakakita sa lahat ng inyong mga ginagawa na walang anumang bagay ang naililihim sa Kanya sa lahat ng pagkakataon at walang pag-aalinlangan, ayon dito kayo ay Kanyang papagbabayarin.

113. At huwag ninyong kampihan ang mga walang pananampalataya na mga masasama, dahil masusunog kayo sa Impiyernong-Apoy, at walang sinuman ang makatutulong sa inyo ni mangangalaga bukod sa Allâh (ﷻ).

114. Isagawa mo, O Muhammad (ﷺ), ang '*Salâh*' sa pinakawastong paraan sa dalawang dulo ng araw – sa umaga at sa hapon, at sa ilang bahagi ng gabi. Katiyakan, ang pagsagawa ng mga kabutihan ay nabubura nito ang mga naunang kasalanan at naaalis, at ang pag-uutos sa pagsagawa ng '*Salâh*' at pagpapahayag na ang mga kabutihan ay nabubura nito ang mga kasalanan, ay isang pagpapayo sa sinumang tumatanggap at nakaaalaala.
115. Pagtiisan mo, O Muhammad (ﷺ), ang pagsasagawa ng '*Salâh*' at sa anumang natatamo mo na paninira ng mga '*Mushrik*' mula sa iyong sambayanan; dahil katiyakan, ang Allâh ay hindi Niya binabalewala ang gantimpala ng mga mababuti sa kanilang mga gawain.

116. Na kung mayroon lamang sa mga naunang mga henerasyon, ang natitira na mula sa mga mababuti at mga matutuwid, na nagbabawal sa mga walang pananampalataya sa kanilang pagtanggi sa paniniwala at sa mga pamiminsala nila rito sa kalupaan, ay wala ka pa ring makikita mula sa kanila na mga naunang tao ang naniwala kundi mangilan-ngilan lamang, iniligtas sila ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang gawain, na yaon ay mula sa Kanyang kaparusahan noong pinuksa Niya ang mga masasama! At sinunod naman ng karamihan sa kanila na mga masasama ang kanilang mga sarili sa pagkakalulong sa sarap ng buhay dito sa daigdig at lubusan ang kanilang kasamaan dahil sa pagsunod nila sa mga makamundong kasiyahan, na kung kaya, sila ay naging karapat-dapat sa kaparusahan.

117. At kailanman ang iyong '*Rabb*,' O Muhammad (ﷺ), hindi Niya pupuksain ang isang bayan kung ang mga naninirahan doon ay mga matutuwid, na iniiwasan nila ang anumang pamiminsala at pang-aapi, subali't sila ay pinuksa nang dahil sa kanilang pang-aapi at pamiminsala.

الجزء الثاني عشر سورة هود
وَلَوْ شَآءَ رَبُّكَ لَجَعَلَ ٱلنَّاسَ أُمَّةً وَٰحِدَةً وَلَا يَزَالُونَ مُخْتَلِفِينَ ﴿١١٨﴾ إِلَّا مَن رَّحِمَ رَبُّكَ وَلِذَٰلِكَ خَلَقَهُمْ وَتَمَّتْ كَلِمَةُ رَبِّكَ لَأَمْلَأَنَّ جَهَنَّمَ مِنَ ٱلْجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ أَجْمَعِينَ ﴿١١٩﴾ وَكُلًّا نَّقُصُّ عَلَيْكَ مِنْ أَنۢبَآءِ ٱلرُّسُلِ مَا نُثَبِّتُ بِهِۦ فُؤَادَكَ وَجَآءَكَ فِى هَٰذِهِ ٱلْحَقُّ وَمَوْعِظَةٌ وَذِكْرَىٰ لِلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٢٠﴾ وَقُل لِّلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ ٱعْمَلُوا۟ عَلَىٰ مَكَانَتِكُمْ إِنَّا عَٰمِلُونَ ﴿١٢١﴾ وَٱنتَظِرُوٓا۟ إِنَّا مُنتَظِرُونَ ﴿١٢٢﴾ وَلِلَّهِ غَيْبُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَإِلَيْهِ يُرْجَعُ ٱلْأَمْرُ كُلُّهُۥ فَٱعْبُدْهُ وَتَوَكَّلْ عَلَيْهِ وَمَا رَبُّكَ بِغَٰفِلٍ عَمَّا تَعْمَلُونَ ﴿١٢٣﴾

سُورَةُ يُوسُفَ

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

الٓر تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱلْكِتَٰبِ ٱلْمُبِينِ ﴿١﴾ إِنَّآ أَنزَلْنَٰهُ قُرْءَٰنًا عَرَبِيًّا لَّعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ ﴿٢﴾ نَحْنُ نَقُصُّ عَلَيْكَ أَحْسَنَ ٱلْقَصَصِ بِمَآ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ هَٰذَا ٱلْقُرْءَانَ وَإِن كُنتَ مِن قَبْلِهِۦ لَمِنَ ٱلْغَٰفِلِينَ ﴿٣﴾ إِذْ قَالَ يُوسُفُ لِأَبِيهِ يَٰٓأَبَتِ إِنِّى رَأَيْتُ أَحَدَ عَشَرَ كَوْكَبًا وَٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ رَأَيْتُهُمْ لِى سَٰجِدِينَ ﴿٤﴾

118. At kung nanaisin lamang ng iyong ‘*Rabb*’ ay gagawin Niya ang lahat ng tao na iisang grupo na nasa iisang paniniwala lamang sa ‘*Deen*,’ na ito ay ‘*Deen Al-Islâm*,’ subali’t ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya ito ninais, na kung kaya, ang mga tao ay patuloy na nagkakasalungatan sa kanilang ‘*Deen*,’ at ito ay bunga ng Karunungan ng Allâh.

119. Maliban lamang sa sinumang kinaawaan ng iyong ‘*Rabb*,’ na sila ay naniwala sa Kanya at sumunod sa Kanyang mga Sugo, dahil sila ay hindi nagkakasalungatan sa paniniwala sa Kaisahan ng Allâh at sa kung anumang dala-dala ng mga Sugo mula sa Allâh (ﷻ). Katiyakan, nakatakda na sa Karunungan ng Allâh (ﷻ) sa paglikha sa kanila na sila ay magkakasalungatan sa isa’t isa; may grupo na sawing-palad, may grupo naman na pinagpala, at bawa’t isa ay ginawang madali sa kanya ang anumang nilikha para sa kanya, at sa pamamagitan nito natutupad ang pangako ng iyong ‘*Rabb*’ sa Kanyang pagpapasiya at sa Kanyang pagtatakda: “*Katiyakan*, *pupunuin ng Allâh ang Impiyernong-Apoy ng mga* ‘*Jinn*’ *at mga tao*, *na sila ang yaong sumunod kay* ‘*Iblees*’ *at sa kanyang mga sundalo*, *na sila ay hindi nagabayan sa paniniwala*.”

120. At ang lahat ng Aming isinalaysay sa iyo, O Propeta, na mga kuwento na mula sa mga nangyari sa mga Sugo na nauna sa iyo at sa lahat ng kakailanganin mo na magpapatatag ng iyong kalooban, ay upang maisakatapuran ang pagpapalaganap ng mensahe, at katiyakan, dumating sa iyo, sa kabanatang ito na kinapapalooban ng mga pagsasalaysay at mga kuwento bilang paglilinaw sa katotohanan na kinaroroonan mo, at dumating pa rin sa iyo, rito sa kabanatang ito, ang pagpapapayo upang balaan ang mga walang pananampalataya at mga paalaala upang mapaalalahanan ang mga naniniwala sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo.

121-122. At sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga hindi naniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ): “*Gawin na ninyo ang lahat ng kakayahan na kaya ninyo ayon sa inyong kalagayan at kaparaanan na pagharang sa* ‘*Da`wah*’ (*o sa pagpaparating ng Katotohanan*) *at sa paninira at pamiminsala sa Sugo at sa mga sumunod sa kanya*, *dahil kami naman sa katotohanan ay gagawin din namin ang anumang makakayanan naming gawin batay sa aming kaparaanan upang maging matatag kami sa aming* ‘*Deen*’ *at sa pagpapatupad sa Kautusan ng Allâh. At mag-abang na kayo sa*

magiging bunga ng aming mga ginagawa at kami naman sa katotohanan ay mag-aabang sa magiging bunga ng inyong ginagawa." At ito ay pagbabanta at pagbababala sa kanila.

123. At Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ), ang kaalaman sa lahat ng lihim na mga nasa kalangitan at kalupaan, at sa Kanya babalik ang lahat ng bagay sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na kung kaya, sambahin mo Siya, O Muhammad (ﷺ), at ipaubaya mo ang iyong sarili sa Kanya, at kailanman ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay hindi Niya Nakaliligtaan ang anumang inyong ginagawa mabuti man o masama, at gagantihan Niya ang sinuman ayon sa kanyang nagawa.

سورة يوسف 12

XII – Sûrat Yûsuf

[**Kabanata Yûsuf** – (Si Propeta) Joseph عليه السلام]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Alif-Lãm-Râ.* Ang mga titik na ito ng Alpabeto ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.' Ito ay mga talata ng Kabanal-banalan na Kasulatan na malinaw sa pagiging kahulugan nito, at nililinaw ang hinggil sa mga ipinahihintulot at ipinagbabawal, at sa Kanyang patnubay.

2. Katiyakan, ipinahayag Namin ang Qur'ân na ito sa wikang '*Arabic*;' upang kayo na mga Arabo ay pag-isipan ang mga kahulugan nito at maintindihan at isagawa at ipatupad ang Kanyang mga katuruan3. Aming isinasalaysay sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang mga pinakamabubuting kuwento sa pamamagitan ng pagpapahayag Namin sa iyo ng Dakilang Qur'ân na ito, at bago ang pagkakapahayag na ito, ikaw ay kabilang sa mga walang kamuwang-muwang hinggil sa mga kuwentong ito at wala kang kaalam-alam sa Rebelasyong ito.

4. Ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), sa iyong sambayanan ang sinabi ni Yûsuf (عليه السلام) sa kanyang ama: "*O aking ama*, *katiyakang nakita ko sa panaginip ang labing-isang mga bituin*, *ang araw at ang buwan – na nakikita ko ang mga ito na nagpapatirapa sa akin*." At ang panaginip na ito ay bilang pagbibigay ng magandang balita sa kahihinatnan ni Yûsuf na magiging mataas ang kanyang antas dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

5. Sinabi ni Ya`qub (عليه السلام) sa kanyang anak na si Yûsuf (عليه السلام): "*O aking anak! Huwag mong sabihin ang panaginip na ito sa iyong mga kapatid*, *dahil kaiinggitan ka nila*, *at kakalabanin ka nila*, *at gagawa sila ng mga pakana upang ipahamak ka. Katiyakan*, *si* '*Shaytân*' *ay lantarang kalaban ng tao*."

6. "*At sa ganitong pagpapakita ng iyong* '*Rabb*' *sa iyo ng panaginip ay ganoon ka rin Niya pinipili at tinuturuan ng pagbibigay ng kahulugan sa panaginip na nakikita ng tao sa kanilang pagtulog at sa kung ano ang kahihinatnan nito sa tunay na pangyayari*, *at binubuo Niya sa iyo ang Kanyang biyaya*, *at ganoon din sa pamilya ni Ya`qûb na pinagkalooban Niya ng pagka-Propeta at Sugo*, *na katulad din ng pagkakabuo ng Kanyang biyaya noon sa iyong dalawang ninuno na si Ibrâhim at Ishâq na ginawa Niya silang Propeta at Sugo. Katikayan*, *ang Allâh* (سبحانه وتعالى) *na iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang* '**`Aleem**' *– Ganap na Nakaaalam kung sino ang Kanyang pipiliin mula sa Kanyang mga alipin*, *na* '**Hakeem**' *– Ganap na Maalam sa Kanyang Pangangasiwa sa Kanyang nilikha*."

7. Katiyakan, sa kuwento ni Yûsuf (عليه السلام) at ng kanyang mga kapatid ay mayroong aral at mga tanda na nagpapatunay sa Kapangyarihan ng Allâh (سبحانه وتعالى) at sa Kanyang Karunungan sa sinumang nagtatanong hinggil sa kasaysayan nila at nagnanais na ito ay malaman.

8. Noong sinabi ng mga kapatid-sa-ama ni Yûsuf (عليه السلام) bilang pag-uusap-usap nilang magkakapatid: "*Katotohanan*, *si Yûsuf at ang kanyang kapatid* (*sa ama't ina*) *ay higit na mahal ng ating ama kaysa sa atin*, *lamang silang dalawa kaysa sa atin*, *subali't tayo ay grupo na higit na marami*, *katiyakan*, *ang ating ama ay nasa malinaw na pagkakamali sa kanyang pakikitungo sa atin dahil pinahalagahan niya ang dalawa nang higit kaysa atin na wala naman tayong nakikitang sapat na kadahilanan.*

9. "*Patayin ninyo si Yûsuf o di kaya ay itapon ninyo sa malayong kalupaan na walang sinuman ang nakaaalam upang mapasainyo ang pagmamahal ng inyong ama at kayo lamang ang kanyang pagtutuunan ng pansin at hindi na niya pagbabalingan pa ng pansin ang iba kundi kayo lamang*, *at kayo pagkatapos ninyong patayin si Yûsuf o ilayo ay magsisi at magbalik-loob sa Allâh*, *na humihingi ng Kanyang kapatawaran pagkatapos ng inyong pagkakasala*."

10. Sinabi noong isa sa kapatid ni Yûsuf: "*Huwag ninyong patayin si Yûsuf*, *bagkus ay ihulog na lamang ninyo siya sa malalim na balon at doon ay makukuha siya ng mga manlalakbay na mga dumaraan doon*, *at para wala na kayong isipin pa hinggil sa kanya pagkatapos nito*, *at hindi na ninyo kinakailangan pa siyang patayin kung tiyak na isasagawa ninyo ang sinasabi ninyong pakana*."

11. Sinabi ng mga kapatid ni Yûsuf pagkatapos nilang magkasundo na siya ay ilalayo: "*O aming ama! Bakit hindi mo ipagkatiwala sa amin si Yûsuf*, *na kami nama'y kanyang mga kapatid*, *at ang nais lang naman namin ay kabutihan*, *at naaawa kami sa kanya kaya siya ay pangangalagaan namin at ipagkakaloob namin sa kanya ang taos-pusong pagpapayo*.

12. "*Hayaan mong isama namin siya bukas sa amin paglabas tungo sa ating pastulan upang siya ay makapagsaya sa pamamagitan ng pagkain ng mga prutas at anumang mga masasarap na mga bunga roon at makipaglaro sa amin ng habulan at iba pa na mga laro*, *at katiyakan na pangangalagaan namin siya mula sa anumang panganib*."

13. Sinabi ni Ya`qub (عليه السلام): "*Katotohanan*, *ikinalulungkot kong mawalay siya sa akin sa pamamagitan ng pagsama niya sa inyo tungo sa pastulan at nangangamba ako na baka siya ay makain ng lobo*, *dahil sa kayo ay magiging abala at makakalimutan ninyo siya*."

14. Sinabi ng mga kapatid ni Yûsuf sa kanilang ama: "*Kung kakainin siya ng lobo samantalang kami ay mga malalakas na grupo*, *kami sa katotohanan kung gayon ay magiging mga talunan na walang maidudulot na kabutihan at hindi maaasahan sa anumang kapakinabangan*."



15. Na kung kaya, siya ay pinasama na niya sa kanila. At noong sila ay nagtungo na roon, sila ay nagkasundo na siya ay itapon sa ilalim ng balon, at inihayag Namin kay Yûsuf ang katotohanan: "*Katiyakan*, *balang-araw ay isasalaysay mo sa iyong mga kapatid ang ginawa nilang ito na pagpapahamak sa iyo*, *subali't hindi nila ito nababatid*."

16. At nagtungo ang mga kapatid ni Yûsuf sa kanilang ama sa oras ng ``*Isha*' sa unang bahagi ng gabi, na sila ay umiiyak at ipinapakita ang matinding pagkalungkot at pagdadalamhati.

17. Kanilang sinabi: "*O aming ama! Katotohanan*, *kami ay nagtungo at naglaro ng habulan at panaan*, *at iniwan namin si Yûsuf doon sa pinaglagyan namin ng mga baon at mga damit*, *kailanman ay hindi kami nagkulang sa pangangalaga sa kanya*, *kundi iniwan namin siya na ligtas*, *at hindi kami napalayo sa kanya kundi maikling panahon lamang*, *subali't kinain siya ng lobo*, *at maaaring hindi ka maniwala sa amin kahit kami ay totoo sa aming sinasabi*; *dahil sa labis mong pagmamahal kay Yûsuf*."

18. At dala-dala nila ang kamiseta ni Yûsuf na punung-puno ng dugo subali't ito sa katotohanan ay hindi talagang dugo ni Yûsuf; na nais nilang patunayan sa pamamagitan nito na totoo ang kanilang sinasabi, magkagayunpaman, ito pa ay naging patunay ng kanilang kasinungalingan; dahil ang kamiseta ay hindi napunit. Na kung kaya, sinabi sa kanila ng kanilang ama na si Ya`qub: "*Ang tunay na pangyayari ay hindi ang yaong inyong sinasabi*, *kundi nag-imbento lamang kayo sa inyong mga sarili na nag-utos sa inyo na gumawa ng masama bilang pagpapahamak kay Yûsuf*, *na ito ang nakikita ninyong nakababuti kaya ginawa ninyo*, *na kung kaya, mas makababuti para sa akin ang pagtitiis na hindi na ako magrereklamo pa sa kaninumang tao*, *at ipauubaya ko na lamang ang aking sarili sa Allâh* (ﷻ) *na ako ay tulungan Niya para makayanan ko ang mga sinasabi ninyong kasinungalingan*, *na hindi ko na gagamitin pa ang aking lakas at kapangyarihan hinggil dito*."

19. At dumating ang mga grupo ng mga manlalakbay at pagkatapos ay nag-utos sila sa kanilang tagaigib na kumuha ng tubig, at noong ibinaba niya ang kanyang pang-igib sa balon ay sumampay si Yûsuf doon, at sinabi ng kanilang tagaigib: "*Anong napakagandang balita! Narito ang isang batang lalaki na mamahalin*, *at inilihim ng mga kapatid ni Yûsuf ang patungkol sa kanya – samantalang ang ilan sa kanila ay malapit lamang doon sa pinangyarihan – at inilihim nila na siya ay kapatid nila*, *gayundin si Yûsuf inilihim din niya ang patungkol sa kanyang sarili dahil sa pagkatakot na baka siya ay patayin ng kanyang mga kapatid*," at kanilang sinabi: "*Katotohanan*, *ito ay isang alipin na aming ipinagbibili*, *subali't ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***`Aleem***' *– Ganap na Nakaaalam sa kung ano ang ginagawa nila kay Yûsuf*."

20. At ipinagbili siya ng kanyang mga kapatid doon sa mga dumaan na mga manlalakbay sa murang halaga ng dirham, na para bagang inayawan na nila si Yûsuf at gusto na nilang mailayo ito sa kanila; at ito ay sa kadahilanang hindi nila batid ang kahalagahan ni Yûsuf sa Allâh (ﷻ).

21. At noong dinala na ng mga manlalakbay si Yûsuf sa Ehipto ay binili siya sa kanila ni `Aziz na katiwala ng hari, at kanyang sinabi sa kanyang asawa: "*Pagbutihin mo ang pangangalaga at pakikitungo sa kanya*, *at gawing mong maginhawa* (*o kumportable*) *ang kanyang pamamalagi sa atin*, *upang mapakinabangan natin ang kanyang serbisyo*, *o di kaya ay panatilihin natin siya sa atin na itituring natin siya bilang isang anak*."

At kung paano Namin iniligtas si Yûsuf na ginawa Namin na mapamahal siya sa kanang kamay ng hari, ay ganoon din Namin siya pinanatili sa kalupaan ng Ehipto, at inilagay Namin siya bilang tagapangasiwa sa kabuhayan ng Ehipto, at upang ituro Namin sa kanya ang kahulugan ng panaginip na nalalaman sa pamamagitan noon ang anumang maaaring mangyari.

At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Nangingibabaw sa anumang Kanyang nais, at ang Kanyang pasiya ay tiyak na magaganap at walang sinuman ang maaaring makapigil nito, subali't ang karamihan sa mga tao ay hindi nila batid na ang lahat ng bagay ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Allâh (ﷻ).

22. At nang dumating na si Yûsuf sa kanyang sapat na gulang ay ipinagkaloob Namin sa kanya ang kakayahan sa pagkaunawa at kaalaman (pagka-Propeta), na ang ganitong pagbibigay ng gantimpala ay Aming ipinagkaloob sa kanya dahil sa kanyang kabutihan, na samakatuwid, ganito Namin ginagantimpalaan ang mga mababuti sa kanilang mga gawain, at ito ay bilang pampalubag-loob kay Propeta Muhammad (ﷺ).



23. At siya ay malumanay na inakit ng asawa ni `Aziz dahil sa siya ay nakatira sa kanyang pamamahay; napamahal siya (ang asawa ni `Aziz) nang matindi sa kanya dahil sa labis na kaamuan ng kanyang mukha, at isinara niya ang mga pinto para sa kanilang dalawa ni Yûsuf, at kanyang sinabi: "*Halika sa akin*, *O ikaw!*" At tumugon naman si Yûsuf: "*Hinihingi ko ang kalinga ng Allâh* (ﷻ) *at hinihiling ko na ilayo Niya ako sa anumang pang-aakit mo sa akin*, *na ito ay pagtataksil sa aking pinuno na siyang nagkaloob sa akin ng parangal*, *magandang pakikitungo na hindi ko siya kailanman ipagkakanulo sa kanyang pamilya! Katiyakan*, *di magtatagumpay ang sinumang gumagawa ng kasalanan*, *na hindi niya dapat gawin*."

24. At katiyakan, labis ang kanyang paghahangad sa kanya, at kinausap niya mismo si Yûsuf ng pakikiusap na tumugon sa kanyang pang-aakit, at matatangay na sana si Yûsuf ng kanyang pang-aakit, kung hindi lamang sa katotohanan na nakita niya ang tanda mula sa mga palatandaan ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na siyang nagpalayo sa kanya sa anumang paghihikayat ng kanyang sarili, magkagayunpama'y ipinakita Namin ito sa kanya; upang ilayo Namin sa kanya ang kasalanan at kahalayan sa lahat ng pagkakataon, katiyakan, siya ay kabilang sa mga alipin Namin na mga malilinis na mga pinili para sa Mensahe ng Allâh, na sila ay dalisay at taos-puso sa kanilang pagsamba sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ).

25. At nagmadali si Yûsuf na tumungo sa pintuan dahil sa nais niyang makalabas, at nagmadali naman siyang sinundan nito na pinilit siyang pigilin at hinila niya ang kanyang kamiseta mula sa likuran; upang siya ay pigilin niya na makalabas at ito ay napunit, at natagpuan nilang dalawa ang asawa ng babae sa harapan mismo ng pintuan at kanyang sinabi: "*Ano ang magiging parusa sa sinumang naghangad ng kahalayan laban sa iyong asawa*, *kundi nararapat na siya ay ilagay sa kulungan o isang matinding pagpaparusa*."

26. At sinabi ni Yûsuf: "*Siya ang nang-akit sa akin*;" at tumestigo ang isang sanggol na nasa kuna (duyan) pa lamang mula sa pamilya nung babae at kanyang sinabi: "*Kung ang kanyang kamiseta ay napunit sa harapan*, *totoo siya* (*babae*) *sa kanyang pagbibintang sa kanya*, *at siya* (*Yûsuf*) *naman kung gayon ay kabilang sa mga sinungaling*."

27. "*At kung ang kanyang kamiseta naman ay napunit sa likuran*, *samakatuwid*, *siya* (*babae*) *ay nagsasabi ng kasinungalingan at si Yûsuf ay kabilang sa mga nagsasabi ng katotohanan*."

28. At noong nakita ng kanyang asawa ang kamiseta ni Yûsuf na napunit mula sa likuran ay natuklasan niyang inosente si Yûsuf, at kanyang sinabi sa kanyang asawa: "*Katiyakan*, *ang kasinungalingang ibinintang mo sa binatang ito ay kabilang sa mga pakana ninyo*, *O kayong mga kababaihan*, *dahil ang mga pakana ninyo ay napakatindi*."

29. Sinabi ni `Aziz ng Ehipto: "*O Yûsuf! Ilihim mo na lamang ang pangyayari at huwag mo nang banggitin kahit kanino*, *at ikaw naman*, *O babae*, *ay humingi ng kapatawaran sa pagkakasalang iyong nagawa*; *dahil katiyakan*, *ikaw ay kabilang sa mga makasalanan sa pag-akit na ginawa mo kay Yûsuf*, *at sa pagbibintang mo sa kanya*."

30. At nakarating ang kuwento sa mga kababaihan sa siyudad at ito ay pinag-usap-usapan nila, at kanilang sinabi bilang pagtataka sa nangyari sa asawa ni `Aziz: "*Ang asawa ni `Aziz ay nagtangka na akitin ang kanyang utusan*, *at inakit niya na gumawa ng masama sa kanyang sarili*, *katotohanang labis-labis ang kanyang naramdaman na pagkakagusto sa kanya*, *at nakikita nating ito ay kabilang sa malinaw na pagkaligaw*."

31. At nang marinig ng asawa ni `Aziz ang pagbibintang at paninira sa kanya ng mga kababaihan, nag-isip siya ng pakana at nagpadala siya sa kanila ng paanyaya (imbitasyon) upang bumisita sa kanya, at naghanda siya para sa kanila ng mga magagarang upuan at anuman na makakain nila, at binigyan niya ang bawa't isa sa kanila ng kutsilyo bilang panghiwa sa kanilang mga pagkain, at pagkatapos ay sinabi niya kay Yûsuf (عليه السلام): "*Magpakita ka sa harapan nila*," at noong siya ay makita nila, ay namangha sila sa kaamuan at ganda ng mukha nito at labis silang nabighani sa napakaamo niyang mukha, at nahiwa nila ang kanilang mga kamay habang hinihiwa nila ang pagkain dahil sa tindi ng kanilang pagkamangha o pagkagulat, at kanilang sinabi: "*Pangalagaan nawa tayo ng Allâh! Napakaganap Niya*, *dahil ito ay hindi lahi ng tao*; *dahil ang kanyang kagandahan ay hindi pangkaraniwan sa tao*, *kundi ito ay isang kagalang-galang na anghel na kabilang sa mga anghel*."

32. Sinabi ng asawa ni `Aziz sa mga kababaihan na nahiwa nila ang kanilang mga kamay: "*Ang nangyaring ito sa inyo dahil sa pagkakita ninyo sa binatang ito ay siya rin ang binatang isinisisi ninyo sa akin na kung saan ako sa kanya ay nahumaling*, *at katiyakang ako ang nag-anyaya sa kanya at inakit ko siya*; *upang tugunan ang aking kahilingan subali't siya ay tumanggi*, *at kung hindi niya talagang susundin ang ipinag-uutos ko*, *siya ay katiyakang paparusahan at ibibilanggo*, *at magiging kabilang siya sa hinamak*."

33. Sinabi ni Yûsuf (عليه السلام) bilang paghiling sa kalinga ng Allâh (سبحانه وتعالى) na siya ay ilayo sa mga masamang balakin nila sa kanya: "*O aking* '*Rabb*,' *nanaisin ko pa ang kulungan kaysa sa anumang iniaakit nila sa akin na pagsagawa ng kahalayan*, *at kung sakaling hindi mo ilalayo sa akin ang kanilang masamang balakin ay mapapahalina ako sa kanila*, *at magiging kabilang ako sa mga mangmang na gumagawa ng kasalanan dahil sa kanilang kamangmangan*."

34. At tinugunan ng Allâh (ﷻ) ang panalangin ni Yûsuf at siya ay inilayo mula sa anumang masamang balakin ng asawa ni `Aziz at ng kanyang mga kasamahan upang siya ay hindi makagawa ng kasalanan sa Allâh (ﷻ). Katiyakan, Siya ay '***As-Samee`***' – ang Ganap na Nakakarinig sa panalangin ni Yûsuf at sa panalangin ng sinumang nananalangin sa Kanya, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa pangangailangan niya at sa anumang makabubuti sa kanya, at sa pangangailangan ng mga nilikha at sa anumang makabubuti sa kanila.

35. Pagkatapos ay naisip ni `Aziz at ng kanyang mga kasamahan na ikulong na lamang siya nang matagal o maiksing panahon; upang maitago nila ang kahihiyan pagkatapos nilang makita ang lahat ng katibayan na siya ay walang pagkakasala.

36. At nakapasok sa kulungan kasama ni Yûsuf ang dalawang kabataan. Sinabi noong isa sa dalawa: "*Katiyakan*, *nakita ko ang aking sarili sa panaginip na nagpipiga ng ubas upang gawing alak*." At sinabi naman noong isa: "*Katiyakan*, *nakita ko naman ang aking sarili sa panaginip na may dala-dalang tinapay na nakapatong sa aking ulunan at kumakain mula rito ang mga ibon*." Kanilang sinabi: "*Sabihin mo sa amin*, *O Yûsuf*, *ang kahulugan ng aming nakita*, *dahil walang pag-aalinlangan*, *nakikita naming ikaw ay kabilang sa mga mabubuti sa pagsamba sa Allâh* (ﷻ) *at sa pakikitungo sa Kanyang nilikha*."

37. Sinabi niya sa dalawa: "*Walang pagkaing darating sa inyo bilang inyong kabuhayan*, *kundi maipaliliwanag ko muna sa inyo ang kahulugan ng inyong panaginip bago ito dumating sa inyo*, *at ang anumang maipaliwanag ko sa inyo na kahulugan ng panaginip ay nagmula sa katuruan ng aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*; *dahil katiyakang naniniwala ako sa Kanya at taos-puso akong sumasamba sa Kanya at inilayo ko ang aking sarili sa anumang relihiyon ng mga taong hindi naniniwala sa Allâh at hindi naniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli at Paghuhukom*."



38. "*At sinunod ko ang Relihiyon ng aking mga ninuno at mga magulang*, *na sina Ibrâhim*, *Ishâq at Ya`qûb*, *at sinamba ko ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi*, *at kailanman sa anumang kaparaanan ay hindi kami maaaring gumawa ng pagtatambal sa Kanya. At ang paniniwala sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at bukod-tangi na pagsamba lamang sa Kanya ay kabilang sa kagandahang-loob ng Allâh* (ﷻ), *para sa amin at para sa lahat ng tao*, *subali't ang karamihan sa mga tao ay hindi sila tumatanaw ng utang na loob at hindi sila naniniwala at sumasamba sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ).

39. At sinabi ni Yûsuf sa dalawang kabataan na kasama niya sa kulungan: "*Ang pagsamba ba sa maraming diyus-diyusan na gawa lamang na tao ay mas nakabubuti kaysa sa Allâh* (ﷻ) *na* '***Al-Wâhid***' *– ang Bukod-Tangi at Nag-iisa*, *na* '***Al-Qahhâr***' *– ang Tagapagkuntrol* (*Tagapagpigil o Tagapagpuwersa*) *at Ganap na Makapangyarihan?*"

40. Ang sinasamba ninyo bukod sa Allâh ay mga pangalan lamang na wala itong kahulugan, na ito ay inyong gawa-gawa lamang na mga sinasamba – kayo at ang inyong mga ninuno dahil sa inyong kamangmangan at pagkaligaw – at hindi nagpahayag ang Allâh (ﷻ) ng anumang kapahintulutan na ito ay sasambahin, na walang sinuman ang karapat-dapat na mag-atas nito kundi ang Allâh (ﷻ) lamang na Bukod-Tangi na Siya ay walang katambal, na ipinag-utos Niya sa inyo na wala kayong susundin na sinuman bukod sa Kanya, na wala kayong karapat-dapat na sasambahin kundi Siya lamang; ito ang Matuwid na Landas – ang Tunay na '*Deen*' (o Relihiyon) – subali't ang karamihan sa mga tao ay hindi nila ito batid, na kung kaya, hindi sila sumusunod sa katotohanang ito.

41. O kayong dalawa na nasa kulungan, pakinggan ninyo ang kahulugan ng inyong panaginip: "*Ang isa sa inyo na nakita niya ang kanyang sarili na pumipiga ng ubas sa panaginip ay walang pag-aalinlangan na siya ay makalalabas mula sa kulungan*,

na siya ay magiging tagagawa ng alak at tagapaghain nito para sa hari; *at ang isa naman na nakita niya ang kanyang sarili sa panaginip na may nakapatong na mga tinapay sa ibabaw ng kanyang ulunan ay walang pag-aalinlangan na siya ay ipapako at pananatilihin siya sa ganoong kalagayan hanggang sa ang mga ibon ay manginain sa kanyang ulunan. Ito ang itinakda ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo hinggil sa inyong mga itinatanong na kahulugan ng panaginip*."

42. At sinabi ni Yûsuf doon sa isa na alam niya na ito ay makaliligtas: "*Banggitin mo ako roon sa pinuno mong hari at sabihin mo sa kanya na ako ay inapi na nakakulong na walang pagkakasala*," subali't pinalimot ni '*Shaytân*' sa kanya na mabanggit sa hari ang katayuan ni Yûsuf, na kung kaya, nanatili pa siya sa kulungan pagkatapos noon ng marami pang karagdagang taon.

43. At sinabi ng hari: "*Katiyakan*, *nakita ko sa aking panaginip ang pitong matatabang baka na kinakain ng pitong payat na baka*, *at nakakita ako ng pitong kulay berdeng uhay at panibagong pito nito na tuyot*, *O kayong mga namumuno*, *sabihin ninyo sa akin ang kahulugan ng panaginip na ito kung kayo ay may kagalingan sa pagpapaliwanag sa kahulugan ng panaginip*."

44. Kanilang sinabi: "*Ang panaginip ninyong ito ay magkakahalo na hindi totoong panaginip na wala itong pakahulugan na anupaman*, *at kami ay walang kaalaman sa pagbibigay ng kahulugan sa mga panaginip*."

45. At ang isang lalaki na nakaligtas na siya ang isa sa dalawa na nakasama ni Yûsuf noon sa kulungan ay naalaala niya pagkatapos ng mahabang panahon na pagkalimot ang hinggil sa ipinababanggit ni Yûsuf sa kanya, na kanyang sinabi: "*Ako ang magsasabi sa inyo ng kahulugan ng panaginip na ito*, *na kung kaya*, *ipadala ninyo ako kay Yûsuf upang maibigay ko sa inyo ang kahulugan nito*."

46. At nang siya ay dumating kay Yûsuf, kanyang sinabi sa kanya: "*Yûsuf*, *O ikaw na matapat na tao! Ipaliwanag mo sa amin ang nakita sa panaginip na pitong matatabang baka na kinakain ng pitong payat na baka*, *at kasama rin sa nakita ang pitong kulay berdeng uhay at panibagong pito nito na tuyot*; *upang ako ay makabalik sa hari at sa kanyang mga kasamahan at masabi ko sa kanila ang kahulugan nito*; *nang sa gayon ay malaman nila ang kapaliwanagan hinggil sa itinanong ko sa iyo at malaman din nila ang taas ng iyong antas at iyong katangian*."

47. Sinabi ni Yûsuf sa nagtanong sa kanya hinggil sa panaginip ng hari: "*Ang kahulugan ng panaginip na ito ay magtatanim kayo sa loob ng magkakasunod na pitong taon nang masagana upang dumami ang inyong ani*, *at sa bawa't maaani ninyo ay magbukod kayo ng inyong iiimbak at huwag ninyong alisin sa mga tangkay nito*; *upang mapangalagaan mula sa mga insekto at ito ay mapanatili*, *maliban sa mangilan-ngilan na inyong kakainin*."

48. "*Pagkatapos ng pitong taon na masaganang anihan ay darating naman ang pitong taon na matinding tagtuyot*, *at ang ikabubuhay ng mga tao pagdating ng*

panahon na yaon ay mula roon sa inyong mga inimbak, *maliban sa mangilan-ngilan na inyong itinabi upang ilaan ninyo bilang mga binhi*."

49. "*At pagkatapos ng mga taong ito ay darating naman ang taon ng tag-ulan*, *at ililigtas sila ng Allâh* (ﷻ) *sa kahirapan at doon ay aani sila ng maraming mga bunga dahil sa taba ng kalupaan at masaganang pagsibol ng mga pananim*."

50. At sinabi ng hari sa kanyang mga kasama: "*Palabasin ninyo ang tao na nagbigay ng kahulugan ng aking panaginip mula sa kulungan at dalhin ninyo sa akin!*" Subali't nang dumating ang sugo ng hari kay Yûsuf upang siya ay anyayahan, sinabi ni Yûsuf sa sugo: "*Bumalik ka sa iyong pinuno na hari at hilingin mo sa kanya na tanungin ang mga kababaihan na nahiwa ang kanilang mga kamay hinggil sa katotohanan na nangyari sa kanila at sa katotohanan na alam nila hinggil sa akin*; *nang sa gayon ay lilitaw ang katotohanan para sa lahat*, *at upang mapatunayan ang aking pagiging walang sala*, *katiyakan na ang Allâh na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang* '**`Aleem**' *– Ganap na Nakaaalam sa anuman na kanilang pakana at mga ginawa nila*, *na walang anumang naililihim sa Kanya*.'"

51. Sinabi ng hari sa mga kababaihan na nasugatan ang kanilang kamay: "*Ano ang nangyari sa inyo noong kayo ay naghangad na akitin si Yûsuf sa araw ng pag-iimbita ng kainan? Mayroon ba kayong nakita na kahina-hinala mula sa kanya?*" Sinabi nila: "*Iligtas nawa kami ng Allâh*, *kailanman ay wala kaming alam na kahit ano na makasisira sa kanyang pagkatao*." At doon sinabi ng asawa ni `Aziz: "*Ngayon ay naging malinaw na ang katotohanan sa lahat pagkatapos ng paglihim nito*, *katiyakang ako ang nang-akit at nanlinlang kay Yûsuf subali't siya ay tumanggi*, *at katiyakang siya ay matapat at totoo sa lahat ng kanyang sinabi*."

52. "*At itong aking pagpapahayag bilang pagpapawalang-sala sa kanya at pag-amin ko sa aking sarili ay upang malaman ng aking asawa na hindi ko siya dinaya sa pamamagitan ng pagsisinungaling at walang nangyari sa akin na kahalayan*, *at katiyakan*, *ako ang nang-akit sa kanya na ito ay aking inaamin upang patunayan ang aking pagiging walang-sala at ganoon din sa kanya*. *At katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ), *hindi Niya ginagabayan ang mga nagpapakana ng masama at nagkakanulo*."



53. Sinabi ng asawa ni `Aziz: "*At hindi ko pinupuri ang aking sarili at pinawawalan ng sala. Katiyakan*, *ang pagkatao ng tao ay madalas na nag-uutos na gumawa ng pagkakasala upang sundin ang sariling pagnanasa*, *maliban sa sinumang pinagkalooban ng Allâh* (ﷻ) *ng awa at pinangalagaan. Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Ghafour***' – *Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisisi mula sa Kanyang mga alipin*, *na* '***Raheem***' – *Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila*."

54. At sinabi ng hari na namumuno sa Ehipto, noong nalaman niya ang pagiging walang-sala ni Yûsuf (عليه السلام): "*Dalhin ninyo siya sa akin upang ibilang ko siya sa mga malalapit sa akin at maging tagapayo*." At nang dumating si Yûsuf at nakausap siya ng hari, at nalaman niya ang kanyang pagiging walang-sala at ang kanyang dakilang katapatan at napakabuti niyang pag-uugali, sinabi sa kanya: "*Katiyakan*, *sa araw na ito ay binibigyan kita ng mataas na tungkulin at ganap na pagtitiwala upang pamahalaan ang lahat ng bagay na nasasakupan ng kaharian*."

55. At nagnais si Yûsuf (عليه السلام) na mapakinabangan siya ng tao at magiging pantay siya sa kanyang pamamahala sa kanila, na kung kaya, kanyang sinabi sa hari: "*Gawin mo ako bilang tagapamahala sa lahat ng imbakan* (*o kayamanan*) *ng kanilang kaharian sa Ehipto*, *dahil katiyakang ako ay mapagkakatiwalaan sa pangangalaga at may sapat na kaalaman sa anumang ipinagkakatiwala sa akin*."

56. At sa ganito biniyayaan ng Allâh (ﷻ) si Yûsuf sa pamamagitan ng pagkakaligtas sa kanya at pagkakalabas mula sa kulungan, at ipinagkaloob sa kanya ang ganap na pamamahala sa mga kayamanan sa buong kalupaan ng Ehipto, na pangasiwaan ang mga ito, kailanman o saanman niya gusto, dahil ang Allâh (ﷻ) ay binibigyan Niya ng karangalan ang sinuman na Kanyang nais, pinagkakalooban Niya ng awa at biyaya ang sinumang Kanyang nais mula sa Kanyang mga mababuting alipin, at hindi Niya binabalewala ang gantimpala ng sinumang gumawa ng anumang kabutihan.

57. At ang gantimpala sa Kabilang-Buhay na inilaan ng Allâh (ﷻ) ay higit na dakila kaysa gantimpala rito sa daigdig para sa mga naniwala at natatakot sa Allâh, na sila ay ang mga yaong natatakot sa parusa ng Allâh at sinusunod ang Allâh (ﷻ) sa Kanyang batas na pag-uutos at pagbabawal.

58. At dumating ang mga kapatid ni Yûsuf sa Ehipto pagkatapos na mangyari ang tagtuyot sa kanilang kalupaan; upang makakuha sila ng kanilang ikabubuhay doon, at sila ay pumasok sa kanyang silid-tanggapan at sila ay nakilala niya, subali't hindi nila nakilala si Yûsuf dahil sa tagal ng panahon at pagbabago ng kanyang mukha.

59. At walang pag-aalinlangan na ipinag-utos ni Yûsuf na sila ay asikasuhin nang maayos at pagkalooban ng anumang kanilang pangangailangan, at bago ito ay nasabi na nila kay Yûsuf na mayroon pa silang kapatid sa ama na hindi nila naisama, at kanyang sinabi sa kanila: "*Dalhin ninyo sa akin ang inyong kapatid sa ama*, *hindi ba ninyo nakikita na ibinigay ko sa inyo nang buung-buo ang inyong pangangailangan at inasikaso* (*inistima*) *ko kayo nang maayos*, *na ako ang pinakamabuti sa tagatanggap ng panauhin?*

60. "*At kapag hindi ninyo siya nadala sa akin ay wala na akong ibabahagi sa inyo na susukatin na kabuhayan,*[47] *ni huwag na kayong magpunta pa rito sa akin*."

61. Sinabi nila: "*Walang pag-aalinlangan*, *gagawin namin ang anuman na aming makakayanan upang makumbinsi namin ang aming ama na maisama siya sa amin*, *at ito ay aming gagawin na hindi kami magkukulang sa pagsagawa nito*."

62. At sinabi ni Yûsuf sa kanyang mga tagapagsilbi: "*Ilagay ninyo nang lihim sa kanilang mga lalagyan ang ibinayad nila*; *upang ito ay malaman nila kapag sila ay nakabalik na sa kanilang pamilya at mapagtanto nila ang pagpapahalaga ko sa kanila*; *upang sila ay bumalik sa paghahangad na magbibigay tayong muli*."

63. At nang sila ay nakabalik sa kanilang ama ay ikinuwento nila ang pangyayari hinggil sa napakarangal na pagtanggap sa kanila ng tagapamahala roon at kanilang sinabi: "*Katiyakan*, *hindi na kami pagbibigyan pa sa susunod maliban na lamang kung maisasama namin ang aming kapatid dahil sa ito ay naikuwento namin sa kanya*, *na kung kaya*, *ipasama mo na siya sa amin*, *upang makapagdala kaming muli ng sapat na kabuhayan natin*, *at nangangako kami na siya ay aming pangangalagaan*."

[47] Bilang kondisyon ng pagbibigay niya ng kabuhayan sa kanila na tulad halimbawa ng trigo at iba pa.


الجزء الثالث عشر سورة يوسف

قَالَ هَلْ ءَامَنُكُمْ عَلَيْهِ إِلَّا كَمَآ أَمِنتُكُمْ عَلَىٰٓ أَخِيهِ مِن
قَبْلُ ۖ فَٱللَّهُ خَيْرٌ حَٰفِظًا ۖ وَهُوَ أَرْحَمُ ٱلرَّٰحِمِينَ ﴿٦٤﴾ وَلَمَّا فَتَحُوا۟
مَتَٰعَهُمْ وَجَدُوا۟ بِضَٰعَتَهُمْ رُدَّتْ إِلَيْهِمْ ۖ قَالُوا۟ يَٰٓأَبَانَا
مَا نَبْغِى ۖ هَٰذِهِۦ بِضَٰعَتُنَا رُدَّتْ إِلَيْنَا ۖ وَنَمِيرُ أَهْلَنَا وَنَحْفَظُ
أَخَانَا وَنَزْدَادُ كَيْلَ بَعِيرٍ ۖ ذَٰلِكَ كَيْلٌ يَسِيرٌ ﴿٦٥﴾ قَالَ لَنْ
أُرْسِلَهُۥ مَعَكُمْ حَتَّىٰ تُؤْتُونِ مَوْثِقًا مِّنَ ٱللَّهِ لَتَأْتُنَّنِى بِهِۦٓ إِلَّآ
أَن يُحَاطَ بِكُمْ ۖ فَلَمَّآ ءَاتَوْهُ مَوْثِقَهُمْ قَالَ ٱللَّهُ عَلَىٰ مَا نَقُولُ وَكِيلٌ
﴿٦٦﴾ وَقَالَ يَٰبَنِىَّ لَا تَدْخُلُوا۟ مِنۢ بَابٍ وَٰحِدٍ وَٱدْخُلُوا۟ مِنْ أَبْوَٰبٍ
مُّتَفَرِّقَةٍ ۖ وَمَآ أُغْنِى عَنكُم مِّنَ ٱللَّهِ مِن شَىْءٍ ۖ إِنِ ٱلْحُكْمُ إِلَّا
لِلَّهِ ۖ عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ ۖ وَعَلَيْهِ فَلْيَتَوَكَّلِ ٱلْمُتَوَكِّلُونَ ﴿٦٧﴾ وَلَمَّا
دَخَلُوا۟ مِنْ حَيْثُ أَمَرَهُمْ أَبُوهُم مَّا كَانَ يُغْنِى عَنْهُم
مِّنَ ٱللَّهِ مِن شَىْءٍ إِلَّا حَاجَةً فِى نَفْسِ يَعْقُوبَ قَضَىٰهَا ۚ وَإِنَّهُۥ
لَذُو عِلْمٍ لِّمَا عَلَّمْنَٰهُ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ
﴿٦٨﴾ وَلَمَّا دَخَلُوا۟ عَلَىٰ يُوسُفَ ءَاوَىٰٓ إِلَيْهِ أَخَاهُ ۖ قَالَ
إِنِّىٓ أَنَا۠ أَخُوكَ فَلَا تَبْتَئِسْ بِمَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٦٩﴾

64. Sinabi sa kanila ng kanilang ama: "*Paano ko kayo pagkakatiwalaan ngayon kay Benyâmin*, *gayong walang pag-aalinlangan na ipinagkatiwala ko sa inyo noon ang kanyang kapatid na si Yûsuf*, *sa pangako ninyong pangangalagaan siya*, *subali't hindi ninyo ito tinupad? Na kung kaya*, *hindi na ako nakatitiyak na tutuparin pa ninyong muli ang inyong pangako at mapangangalagaan ninyo siya*, *subali't ang aking pagtitiwala ay sa Pangangalaga ng Allâh* (ﷻ), *na Siya ang Pinakamabuti sa lahat ng Tagapangalaga at Siya ang Pinaka-maawain sa lahat ng maawain*, *at ako ay umaasa na kaaawaan Niya ako at pangangalagaan siya at ibabalik sa akin*."

65. At nang mabuksan nila ang kanilang mga lalagyan ay nakita nila ang ipinangbayad nila, na ito ay ibinalik sa kanila. Kanilang sinabi: "*O aming ama! Ano pa ba ang kailangan nating hangarin na higit pa kaysa rito? Ang ipinangbayad namin ay ibinalik sa amin ni `Aziz* (*tagapamahala*), *na kung kaya, magtiwala ka sa amin para sa aming kapatid*, *at pasamahin mo siya sa amin*; *upang makapagdala pa kaming muli ng masaganang kabuhayan para sa ating pamilya*, *at pangangalagaan namin ang aming kapatid*, *at madaragdagan pa ng isang sukat* (*na kabuhayan na madadala ng isang kamelyo*) *na siyang sasakyan ng aming kapatid*; *dahil katiyakan*, *ang pagbibigay ni `Aziz ng sukat ay sa kung ano ang makakayanang dalhin ng isang kamelyo*, *at ang ganitong pagbibigay ng sukat ay napakadali lamang para sa kanya.*"

66. Sinabi sa kanila ni Ya`qûb: "*Kailanman ay hindi ko siya hahayaan na maisama sa inyo hanggang hindi kayo nangangako at kayo ay susumpa sa akin sa Pangalan ng Allâh* (ﷻ) *na siya ay inyong ibabalik sa akin*, *maliban na lamang kung kayo ay natalo ng kalaban at siya ay nabihag*, *na hindi na ninyo siya kayang iligtas*," at nang ibinigay nila ang kanilang pangako sa kanilang ama at panunumpa nila sa Allâh (ﷻ) ayon sa hinihiling ng kanilang ama, sinabi ni Ya`qûb: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ang saksi sa*

ating mga pinagkasunduan," na ang ibig sabihin ay sapat sa atin ang Kanyang pagsasaksi at Kanyang pangangalaga.

67. At sinabi sa kanila ng kanilang ama: "*O aking mga anak*, *kapag kayo ay pumasok sa bayan ng Ehipto ay huwag kayong pumasok sa iisang pintuan lamang kundi maghiwa-hiwalay kayo sa pagpasok sa iba't ibang pintuan*, *para hindi kayo mapansin ng mga may masasamang mata*, *at sa aking pagpapayo sa inyo ay hindi nangangahulugan na kaya kong ilayo sa inyo ang anumang bagay na itinakda na ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo. Katiyakan*, *ang pagpapasiya ay bukod-tangi na sa Allâh* (ﷻ) *lamang*, *sa Kanya ko ipinagkakatiwala ang aking buong sarili dahil Siya ang Bukod-Tanging pinagkakatiwalaan ng mga mananampalataya*."

68. At nang sila ay pumasok sa iba't ibang pintuan batay sa ipinag-utos ng kanilang ama, bagkus ito ay hindi makapagliligtas sa kanila mula sa itinakda ng Allâh (ﷻ) kundi isang awa sa kanila mula sa kalooban ni Ya`qûb para hindi sila mapansin ng mga may masasamang mata, at katiyakan, si Ya`qûb ay may dakilang kaalaman hinggil sa '*Deen*' ng Allâh dahil siya ay pinagkalooban ng Allâh (ﷻ) ng kapahayagan, subali't ang karamihan sa mga tao ay hindi nila alam ang kahihinatnan ng anumang pangyayari at ang mga malalalim na kahulugan ng anumang bagay; na kung kaya, ang anumang itinuturo ni Ya`qûb ay nagmula sa '*Deen*' ng Allâh.

69. At nang pumasok ang mga kapatid ni Yûsuf sa tanggapan ng panauhin na kasama nila ang kanyang kapatid sa ama't ina, ay isinama ito ni Yûsuf nang ito ay kanyang nakita at kanyang sinabi nang lihim: "*Katiyakan*, *ako ang iyong kapatid*, *na kung kaya*, *huwag kang mabahala at huwag mo nang alalahanin pa kung ano ang kanilang ginawa sa akin noon*." At inutusan niya na ito ay kanyang ilihim sa kanila.

70. Noong naihanda na ni Yûsuf ang kanilang pangangailangan at ito ay naipagkaloob na sa kanila at naisakay na sa kanilang mga kamelyo, inutusan niya ang kanyang mga manggagawa na ilagay ang (gintong) takalan na ginagamit niya sa pagsukat, na ilagay sa lalagyan ng kanyang kapatid na si Benyâmin nang walang sinuman ang nakaaalam, at nang sila ay sumakay na upang maglakbay ay nanawagan ang isang tagapanawagan na nagsabi: "*O kayo na nagmamay-ari ng* '*Caravan*,' *na may mga dala-dalang kabuhayan*,[48] *katiyakan na kayo ay nagnakaw*."

71. Sinabi ng mga anak ni Ya`qûb habang sila ay humaharap sa kanila: "*Ano ba ang nawawala sa inyo?*"

72. Sinabi ng tagapanawagan at ng mga nandoroon: "*Nawala sa amin ang* (*gintong*) *takalan na pagmamay-ari ng hari*, *at ang pabuya sa sinumang makakakita nito ay kabuhayan na kung ano ang madadala ng isang kamelyo*;" at sinabi pa ng tagapagpanawagan: "*At ako ang maggarantiya na ang pabuya na ito ay kasindami ng madadala ng isang kamelyo*."

73. Sinabi ng mga kapatid ni Yûsuf: "*Sumusumpa kami sa Allâh* (ﷻ)*! Walang pag-aalinlangang nakatitiyak kayo sa anumang inyong nakikita sa amin na kami ay hindi pumunta sa bayan ng Ehipto para gumawa ng kapinsalaan*, *at hindi kami mga magnanakaw*."

74. Sinabi ng mga inutusan na hanapin ang takalan sa mga kapatid ni Yûsuf: "*Ano ba ang kaparusahan sa inyong batas ng isang nakagawa ng pagnanakaw*, *kung kayo ay napatunayang nagsinungaling sa sinasabi ninyong*, '*Hindi kami magnanakaw?*'"

75. Sinabi ng mga kapatid ni Yûsuf: "*Ang kabayaran sa sinumang nagnakaw na makikita sa kanyang dala-dalahan ang kanyang ninakaw ay siya mismo*. *Na ang ibig*

[48]Kabuhayan – ito ay tungkol sa mga dala-dala nilang pagkain.

sabihin ay isusuko siya kasama ang kanyang ninakaw sa sinuman na kanyang pinagnakawan hanggang sa siya ay maging alipin nito, *na ang ganitong paghahatol ang kabayaran sa sinumang masama na nakagawa ng pagnanakaw*, *at ito ang aming* '*Deen*,' *na ganito ang aming batas na sinusunod sa sinumang nagnakaw.*"

76. At ibinalik nila ang mga kapatid ni Yûsuf sa kanya, at siya mismo ang tumingin at naghanap sa kanilang mga dala-dalahan, at inumpisahan niya ang paghahanap sa mga dala-dalahan ng kanyang mga kapatid sa ama; upang siya ay makatiyak na mangyayari ang kanyang plano na mapananatili niya ang kanyang kapatid kasama niya, pagkatapos ay tinapos niya ang paghahanap sa dala-dalahan ng kanyang kapatid sa ama't ina at doon niya nakita ang takalan.

At sa ganoong paraan Namin ginawa na maging madali para kay Yûsuf ang kanyang plano upang marating (makamit) niya ang kanyang hinahangad na makuha niya ang kanyang kapatid, dahil sa batas ng kaharian sa Ehipto ay hindi niya maaaring makuha ang kanyang kapatid; dahil wala sa kanilang paniniwala na magiging alipin nila ang sinumang nagnakaw, maliban sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) na mangyari ang planong ito upang masunod ang batas na pinanghahawakan ng mga kapatid ni Yûsuf, na nagsasaad ng pagkaalipin sa sinumang nagkasala ng pagnanakaw.

Iniaangat Namin sa mga antas ang sinuman na Aming nais dito sa daigdig, na higit sa iba, na katulad ng pag-angat Namin sa antas ni Yûsuf. At sa bawa't may kaalaman ay mayroong nakahihigit sa isa't isa sa kaalaman, subali't ang lahat ng pinagmulan nito, nagkaloob at bukod-tanging nagtataglay nito ay ang Allâh (ﷻ) na Siyang Pinakamaalam sa lahat na Ganap na Nakaaalam ng anumang lihim at anumang lantad.

77. Sinabi ng mga kapatid ni Yûsuf: "*Kung ito ay nagnakaw*, *katiyakang mayroon siyang kapatid na nagnakaw din noon* (*na ang tinutukoy ay si Yûsuf*)," subali't kinimkim na lamang ito ni Yûsuf sa kanyang sarili kung anuman ang kanyang narinig, at sinabi na niya lamang sa kanyang sarili: "*Kayo ang higit na masama ang katayuan kaysa sa binabanggit ninyo dahil nagpakana kayo laban sa akin at ito ay inyong ginawa*, *at ang Allâh* (ﷻ) *ang Ganap na Nakaaalam sa inyong pag-uugali na pagsisinungaling at pagbibintang*."

78. Sinabi nila bilang pagmamakaawa upang maisakatuparan nila ang kanilang pangako sa kanilang ama: "*O ikaw na namumuno! Katiyakan*, *mayroon siyang ama na matandang-matandang na*, *na nagmamahal sa kanya at hindi nito makakayanan na siya ay mapalayo sa kanya*, *na kung kaya*, *pumili ka sa sinuman sa amin upang maging kapalit ni Benyâmin*, *at nakikita naman namin na ikaw ay kabilang sa mga mabubuti dahil sa iyong magandang pakikintungo sa amin at sa iba*."

79. Sinabi ni Yûsuf: "*Hinihiling namin sa Allâh* (ﷻ) *ang kalinga na ilayo kami sa kamalian*, *na paparusahan namin ang iba samantalang hindi naman namin sa kanya natagpuan ang aming hinahanap na katulad ng nasasaad sa inyong batas. Katiyakan*, *kapag yaon ay aming ginawa*, *magiging kabilang kami sa mga masasama*."

80. Na kung kaya, noong mawalan na sila ng pag-asa na tugunan sa kanilang kahilingan ay lumayo sila sa mga tao at nagsanggunian sa isa't isa, at sinabi ng isa na nakatatanda sa kanila: "*Hindi ba ninyo alam na gumawa kayo ng matibay na pangako sa inyong ama sa Pangalan ng Allâh* (ﷻ), *na ibabalik ninyo ang inyong kapatid maliban sa kung kayo ay natalo ng inyong kalaban*, *at noon bago ang pangyayaring ito ay nakagawa kayo ng pagkakakamali dahil sa pagpa-pahamak ninyo kay Yûsuf na kayo ay nagsinungaling sa inyong ama*; *na kung kaya*, *hindi na ako aalis pa sa bayan ng Ehipto hanggang sa ang ating ama ay pahintulutan ako na makaalis dito*, *o di kaya ay magpasiya ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na ako ay paalisin Niya rito at magawan ko ng paraan na madala ko ang aking kapatid*, *at ang Allâh* (ﷻ) *ang Ganap na Tagapagpasiya at Pinakamakatarungan sa Kanyang paghahatol sa mga tao*.

81. "*Bumalik na kayo sa inyong ama at ibalita ninyo sa kanya ang nangyari*, *at sabihin ninyo sa kanya*, '*O aming ama! Katiyakan*, *ang iyong anak ay nagnakaw*, *at hindi kami sumasaksi maliban sa kung ano ang aming nalalaman*, *at walang pag-aalinlangang nakita namin ang takalan* (*panukat*) *doon sa kanyang dala-dalahan*, *at wala kaming kaalaman sa bagay na di-nakikita* ('*Al-Ghayb*') *noong kami ay nangako sa iyo na siya ay ibabalik namin sa iyo*, *na kung kaya*, *hindi namin alam na siya pala ay nagnakaw*."

82. '*At tanungin ninyo*, *O aming ama*, *ang mga taga-Ehipto*, *at ang mga* '*Caravan*' *na mga nakasabay namin dahil tiyak na mapapatunayan ninyo na kami ay totoo sa mga ikinukuwento namin sa iyo*.'"

83. At nang sila ay makabalik, ikinuwento nila sa kanilang ama ang pangyayari, sinabi sa kanila: "*Ang totoo ay niloloko at nililinlang lamang kayo ng inyong mga sarili na siyang nag-uutos sa inyo na magpakana nang masama na katulad ng pakana na inyong ginawa noon kay Yûsuf*, *na kung kaya*, *pagtitiis na lamang ang siyang pinakaangkop sa akin. Nawa'y ibalik sa akin ng Allâh* (ﷻ) *ang aking tatlong anak*: *si Yûsuf*, *ang kanyang kapatid at ang kanilang matandang kapatid na nagpaiwan dahil sa kanyang kapatid na si Benyâmin*. *Katotohanan*, *Siya ay* '***Al-`Aleem***' *– ang Ganap na Nakaaalam sa aking kalagayan, na* '***Al-Hakeem***' **–** *ang Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa*."

84. At tumalikod si Ya`qûb sa kanila, na ang kanyang dibdib ay nanikip dahil sa kanilang sinabi at kanyang sinabi: "*Kaawa-awa naman ako sa aking pagdadalamhati kay Yûsuf*," at namuti na ang kanyang mga mata, na nawala na ang mga itim nito dahil sa labis niyang kalungkutan na nag-umapaw sa kanyang kalooban, subali't napakatindi ng pagkimkim niya nito.

85. Sinabi ng kanyang mga anak: "*Sumusumpa kami sa Allâh* (ﷻ)*! Hanggang ngayon pa ba ay naaalaala mo pa rin si Yûsuf*, *na siyang naging sanhi ng iyong labis na kalungkutan hanggang sa ikaw ay humina o halos mamatay na*, *kaya pagpahingahin mo na ang iyong sarili.*"

86. Sinabi ni Ya`qûb bilang pagtugon sa kanila: "*Hindi ko ihahayag ang aking matinding kalungkutan bukod sa Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi*, *na Siya lamang ang nagpapaginhawa sa anumang kahirapan at pagsubok*, *at ako ang higit na nakaaalam sa Awa ng Allâh* (ﷻ) *at ang kaginhawaan na Kanyang ipinagkakaloob samantalang kayo ay hindi ninyo ito nababatid*."

الجزء الثالث عشر سورة يوسف

يَٰبَنِيَّ ٱذۡهَبُواْ فَتَحَسَّسُواْ مِن يُوسُفَ وَأَخِيهِ وَلَا تَاْيۡـَٔسُواْ
مِن رَّوۡحِ ٱللَّهِۖ إِنَّهُۥ لَا يَاْيۡـَٔسُ مِن رَّوۡحِ ٱللَّهِ إِلَّا ٱلۡقَوۡمُ ٱلۡكَٰفِرُونَ
﴿٨٧﴾ فَلَمَّا دَخَلُواْ عَلَيۡهِ قَالُواْ يَٰٓأَيُّهَا ٱلۡعَزِيزُ مَسَّنَا وَأَهۡلَنَا ٱلضُّرُّ
وَجِئۡنَا بِبِضَٰعَةٖ مُّزۡجَىٰةٖ فَأَوۡفِ لَنَا ٱلۡكَيۡلَ وَتَصَدَّقۡ عَلَيۡنَآۖ
إِنَّ ٱللَّهَ يَجۡزِي ٱلۡمُتَصَدِّقِينَ ﴿٨٨﴾ قَالَ هَلۡ عَلِمۡتُم مَّا فَعَلۡتُم
بِيُوسُفَ وَأَخِيهِ إِذۡ أَنتُمۡ جَٰهِلُونَ ﴿٨٩﴾ قَالُوٓاْ أَءِنَّكَ
لَأَنتَ يُوسُفُۖ قَالَ أَنَا۠ يُوسُفُ وَهَٰذَآ أَخِيۖ قَدۡ مَنَّ ٱللَّهُ
عَلَيۡنَآۖ إِنَّهُۥ مَن يَتَّقِ وَيَصۡبِرۡ فَإِنَّ ٱللَّهَ لَا يُضِيعُ أَجۡرَ
ٱلۡمُحۡسِنِينَ ﴿٩٠﴾ قَالُواْ تَٱللَّهِ لَقَدۡ ءَاثَرَكَ ٱللَّهُ عَلَيۡنَا
وَإِن كُنَّا لَخَٰطِـِٔينَ ﴿٩١﴾ قَالَ لَا تَثۡرِيبَ عَلَيۡكُمُ
ٱلۡيَوۡمَۖ يَغۡفِرُ ٱللَّهُ لَكُمۡۖ وَهُوَ أَرۡحَمُ ٱلرَّٰحِمِينَ ﴿٩٢﴾
ٱذۡهَبُواْ بِقَمِيصِي هَٰذَا فَأَلۡقُوهُ عَلَىٰ وَجۡهِ أَبِي يَأۡتِ بَصِيرٗا
وَأۡتُونِي بِأَهۡلِكُمۡ أَجۡمَعِينَ ﴿٩٣﴾ وَلَمَّا فَصَلَتِ
ٱلۡعِيرُ قَالَ أَبُوهُمۡ إِنِّي لَأَجِدُ رِيحَ يُوسُفَۖ لَوۡلَآ أَن
تُفَنِّدُونِ ﴿٩٤﴾ قَالُواْ تَٱللَّهِ إِنَّكَ لَفِي ضَلَٰلِكَ ٱلۡقَدِيمِ ﴿٩٥﴾

87. Sinabi ni Ya`qûb: "*O aking mga anak! Bumalik kayo sa Ehipto at alamin ninyo ang balita hinggil kay Yûsuf at sa kanyang kapatid*, *at huwag kayong mawalan ng pag-asa sa Awa ng Allâh* (ﷻ); *dahil katiyakan*, *hindi nawawalan ng pag-asa sa Awa ng Allâh* (ﷻ) *ang sinuman maliban lamang sa hindi naniwala sa Kanyang Kapangyarihan at lumabag sa Kanya*."

88. Samakatuwid, sila ay nagtungo sa Ehipto, at nang sila ay pumasok kay Yûsuf, kanilang sinabi: "*O ikaw na pinuno! Sinalanta kami at ang aming pamilya ng taggutom at tagtuyot*, *at dala-dala namin sa iyo ang kaunting halaga*, *na kung kaya*, *pagkalooban mo kami ng anumang ipinagkakaloob mo sa sinumang may sapat na pambayad*, *at magkawanggawa ka sa amin*, *na tanggapin mo ang maliit na halaga ng dirham na ito*, *isaalang-alang mo na lamang ang aming ibibigay sa iyo. Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay nagkakaloob ng gantimpala sa sinumang nagbibigay ng kawanggawa sa mga nangangailangan*."

89. At nang marinig niya ang kanilang mga sinabi ay naawa siya sa kanila at ipinakilala niya ang kanyang sarili, na kanyang sinabi: "*Natatandaan ba ninyo ang ginawa ninyo kay Yûsuf at sa kanyang kapatid na pang-aapi noong kayo ay nasa kamangmangan pa*, *na walang kaalam-alam sa magiging bunga ng inyong mga ginagawa?*"

90. Sinabi nila: "*Ikaw ba sa katotohanan si Yûsuf?*" Sinabi niya: "*Oo*, *ako si Yûsuf at ito ay aking kapatid sa ama't ina*. *Katiyakan*, *kami ay pinagpala ng Allâh* (ﷻ) *at pinagsama kami pagkatapos ng mahabang taon ng paghihiwalay. Katiyakan*, *ang sinumang natatakot sa Allâh* (ﷻ) *at may pagtitiis sa mga pagsubok ay walang pag-aalinlangan na ang Allâh* (ﷻ) *ay hindi Niya binabalewala ang gantimpala ng mga gumagawa ng kabutihan kundi pinagkakalooban Niya ito nang higit pang gantimpala.*"

91. Sinabi nila: "*Sumusumpa kami sa Allâh* (ﷻ)*! Katiyakan*, *higit na pinagpala ka ng Allâh* (ﷻ) *kaysa sa amin at iniangat ka dahil sa kaalaman at malawak na pang-unawa at ganoon din sa biyaya*, *kahit sa katotohanan*, *kami ay sadyang nagkamali sa aming ginawa sa iyo at sa iyong kapatid.*"

92. Sinabi sa kanila ni Yûsuf (عليه السلام): "*Wala nang paninisi sa inyo sa ngayon*, *patawarin nawa kayo ng Allâh* (ﷻ), *dahil sa Siya ang Ganap na Maawain sa lahat ng maawain sa sinuman na pinagsisihan ang kanyang kasalanan at nagbalik-loob sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya.*"

93. At nang sila ay tinanong niya hinggil sa kanyang ama, ibinalita nila sa kanya ang pagkawala ng kanyang paningin dahil sa labis niyang pag-iyak sa kanya (Yûsuf), kanyang sinabi sa kanila, "*Bumalik kayo sa inyong ama na dala-dala ninyo ang aking kamiseta at ihagis ninyo ito sa mukha ng aking ama upang siya ay magkaroong muli ng paningin*, *pagkatapos ay dalhin ninyo rito sa akin ang lahat ng inyong pamilya.*"

94. At nang nakaalis na ang '*Caravan*' mula sa bayan ng Ehipto ay dala-dala nila ang kamiseta ni Yûsuf, (samantala) sinabi ni Ya`qûb[49] (sa kanyang mga anak na nandoroon na kasama niya): "*Katiyakan*, *naaamoy ko ang amoy ni Yûsuf*, *kung hindi lamang ninyo iisipin na mahina ang aking memorya dahil sa aking katandaan at kukutyain ako*, *na iisipin ninyong ang mga ganitong salita na lumalabas sa aking bibig ay hindi nagmumula sa aking kaisipan*."

95. Sinabi ng ilan sa kanila na nandoroon: "*Sumusumpa kami sa Allâh* (ﷻ)*! Katiyakan*, *ikaw ay nasa dati mo pa ring pagkakamali dahil sa labis mong pagmamahal kay Yûsuf na hindi mo siya makalimutan*."

[49]Isinalaysay ni `Abdulrazzaq na sinabi ni Ibn Abbas, "*Noong naglakbay na ang* '*Caravan*' *mula sa Ehipto*, *nagsimulang umihip ang hangin at dinala ang amoy ng kamiseta ni Yûsuf kay Ya`qûb*. *Naamoy niya ito mula sa layo na walong araw na paglalakbay*." (Naitala sa mga nalikom na Aklat nina `Abdulrazzaq 2:329 at '*At-Tabari*' 16:250, '*Tafsir Ibn Kathir*,' tomo ('*volume*') 5, pahina 207.



96. At nang dumating ang tagapagdala ng magandang balita ay ipinaabot kay Ya`qûb (عليه السلام) na walang pag-aalinlangang si Yûsuf (عليه السلام) ay buhay pa, at inihagis niya ang damit ni Yûsuf sa kanyang mukha at nanumbalik ang kanyang paningin, na siya ay nasa matinding kagalakan, na kanyang sinabi sa kanila: "*Hindi ba sinasabi ko sa inyo*, '*Katiyakang ako ay higit na nakaaalam kaysa sa inyo hinggil sa Allâh* (ﷻ), *ng mga bagay na hindi ninyo alam na Kanyang Biyaya*, *Pagkaawa at Kagandahang-Loob?*'"

97. Sinabi ng kanyang mga anak: "*O aming ama! Ipanalangin mo sa Allâh na iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na patawarin kami at pagtakpan ang aming mga pagkakasala*, *dahil katiyakang kami ay nagkamali sa aming ginawa kay Yûsuf at sa kanyang kapatid*."

98. Sinabi ni Ya`qûb: "*Walang pag-aalinlangan*, *idadalangin ko sa aking* '*Rabb*' *na patawarin kayo sa inyong pagkakasala*, *dahil Siya ay katiyakang* '***Al-Ghafour***' *– ang Ganap na Mapagpatawad sa kasalanan ng Kanyang mga alipin na nagsisisi*, *na* '***Ar-Raheem***' *– ang Napakamaawain at Ganap Mapagmahal sa kanila*."

99. At umalis si Ya`qûb at ang kanyang pamilya patungo kay Yûsuf sa Ehipto, at noong sila ay dumating doon ay isinama ni Yûsuf ang kanyang magulang at kanyang sinabi sa kanila, "*Pumasok kayo sa Ehipto sa kapahintulutan ng Allâh* (ﷻ) *na ligtas sa anumang kahirapan at taggutom*, *at sa anumang di-kanais-nais na bagay*."

100. At pinaupo niya ang kanyang mga magulang sa trono na nasa kanyang tabi; bilang parangal sa kanilang dalawa, at binati siya ng kanyang mga magulang at labing-isang kapatid sa pamamagitan ng pagpapatirapa sa kanya bilang pagbati at parangal at hindi bilang pagsamba at pagpapakumbaba, at ito ay ipinahintulot sa kanilang batas noon at ipinagbawal naman sa batas natin ngayon; upang pigilin ang daan patungo sa pagsamba ng iba bukod sa Allâh.

At sinabi ni Yûsuf sa kanyang ama: "*Ang pagpapatirapa ninyong ito sa akin ay siyang kahulugan ng aking panaginip na ikinuwento ko sa iyo noong ako ay bata pa! Katiyakang tinupad ito ng aking* '*Rabb*' *at walang pag-aalinlangang pinagpala Niya ako noong pinalabas Niya ako mula sa kulungan*, *at dinala Niya kayo sa akin mula sa disyertong pamumuhay*, *pagkatapos taniman ni* '*Shaytân*' *ng poot ang ugnayan naming magkakapatid sa pagitan nila at sa pagitan ko. Katiyakan*, *ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang* '***Lateef***' *– Kapita-Pitagan at Pinakadalubhasa sa Kanyang Pangangalaga at Pangangasiwa sa sinumang Kanyang nais*, *na walang pag-aalinlangang Siya ay* '***Al-`Aleem***' *– ang Ganap na Nakaaalam sa anumang nakabubuti sa Kanyang mga alipin*, *na* '***Al-Hakeem***' *– ang Ganap na Maalam sa anumang Kanyang sinasabi at ginagawa*."

101. Pagkatapos ay nanalangin si Yûsuf sa kanyang '*Rabb*' na kanyang sinabi: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Walang pag-aalinlangang ipinagkaloob Mo sa akin ang pamumuno sa kaharian ng Ehipto*, *at itinuro Mo sa akin ang pagbibigay ng kahulugan sa panaginip at iba pang kaalaman –* '***Fâteeras Samâwâti wal Ardh***' *– ang Tanging Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan sa pinakamagandang kaayusan! Ikaw ang aking* '***Walee***' *– Ganap na Tagapangalaga sa lahat ng aking pangangailangan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay. Na kung kaya*, *sanhiin Mo na mamatay ako bilang isang Muslim at ibilang Mo ako sa Iyong mga mabubuting alipin*, *mga Propeta*, *mga matutuwid at mga pinili Mo na mga dalisay at malilinis*."

102. Ang mga nabanggit na kuwentong ito hinggil kay Yûsuf ay kabilang sa mga '*Al-Ghayb*' na kuwento na Aming isinasalaysay sa iyo, O Muhammad (ﷺ), bilang Rebelasyon; at wala ka roon, noong ginawa ng mga kapatid ni Yûsuf ang kanilang pakana na siya ay itatapon nila sa balon, na sila ay nagpakana sa kanya at sa kanyang ama; at ito ay tanda ng iyong pagiging totoo, na ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangang nagpahayag ng Rebelasyon sa iyo.

103. At karamihan sa mga '*Mushrikûn*' na nagtatambal o sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), ay hindi naniniwala sa iyo at hindi sumusunod, kahit na gustung-gusto mo na sila ay maniwala, na kung kaya, huwag mo itong ikabahala.

104. At hindi ka humihingi ng kapalit, O Muhammad (ﷺ), mula sa iyong sambayanan bilang kabayaran sa paggabay mo sa kanila tungo sa paniniwala, subali't ikaw ay isinugo na dala-dala mo sa kanila ang Dakilang Qur'ân at gabay bilang pagpapaalaala at payo sa lahat ng mga tao, upang sila ay makaalaala at mapatnubayan.

105. At karamihan sa mga palatandaan ng Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang Kapangyarihan na mga nasa kalangitan at kalupaan, na katulad ng araw, buwan, mga bundok at mga puno ay nakikita nila subali't ito ay kanilang tinatanggihan, na hindi nila ito pinag-iisipan at pinag-aaralan.

106. At hindi naniwala ang mga yaong tumanggi sa mga palatandaan ng Allâh, na ang Allâh (ﷻ) sa katotohanan ang Siyang Lumikha sa kanila at nagbibigay ng kabuhayan at Lumikha ng lahat ng bagay, na Siya lamang ang Bukod-Tangi na karapat-dapat na sambahin, sa halip ay nagtambal sila sa kanilang pagsamba ng mga rebulto, mga santo at mga diyus-diyusan. Ang Allâh (ﷻ) na Kataas-taasan ay ligtas sa anuman na kanilang mga kamaliang itinatangi sa Kanya.

107. Nakatitiyak ba sila sa kanilang ginagawa na sila ay maliligtas mula sa kagimbal-gimbal na pagsaklob ng masidhing kaparusahan ng Allâh, o di kaya, sila ba ay maliligtas sa biglaang pagdating ng pagkagunaw ng daigdig samantalang hindi nila ito namamalayan at wala silang kaalam-alam?

108. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ito ang aking pamamaraan*, *na ako ay nag-aanyaya tungo sa pagsamba sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ), *na ako ay nakatitiyak sa katibayan mula sa Allâh* (ﷻ), *ako at ang sinumang susunod sa akin*, *at Luwalhati sa Allâh* (ﷻ) *na Napakadakila na malayung-malayo mula sa anumang kanilang sinasamba na itinatambal sa Kanya*, *at ako ay hindi kabilang sa mga naglalagay ng katambal sa pagsamba sa Kanya*."

109. At hindi Kami nagpadala ng mga Sugo na nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), sa sangkatauhan kundi mga kalalakihan na mula sa kanila, na ibinaba Namin ang kapahayagan para sa kanila, at sila ay naninirahan sa kabayanan, na sila ay higit na may kakayahan na maintindihan ang pag-aanyaya tungo sa Allâh (ﷻ) at ang mensahe, naniniwala sa kanila ang sinumang ginabayan sa katotohanan at tinatanggihan sila ng mga ligaw, hindi ba sila naglakbay sa kalupaan upang masaksihan nila kung ano ang nangyari sa mga taong nauna sa kanila na hindi naniwala at kung paano sila winasak ng Allâh (ﷻ)? At ang gantimpala sa Kabilang-Buhay ay mas nakahihigit sa anuman na nasa daigdig at ang nilalaman nito para sa mga naniwala at may takot sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, Na kung kaya, hindi ba ninyo ito pinag-iisipang maigi upang mapagkunan ng aral?

110. Huwag mong madaliin, O Muhammad (ﷺ), ang pagkapanalo laban sa mga hindi naniwala sa iyo, dahil katiyakang ang mga Sugo na nauna sa iyo ay hindi kaagad dumating sa kanila ang tulong ng Allâh (ﷻ), dahil sa karunungan na ang Allâh (ﷻ) lamang ang Nakaaalam, hanggang kapag nawalan na ng pag-asa ang mga Sugo na maniwala sa kanila ang kanilang sambayanan, at nakatiyak na sila sa pagtanggi ng kanilang sambayanan na wala na silang pag-asa pang maniwala, ay saka pa darating sa kanila ang tulong Namin sa panahon ng kagipitan, at inililigtas Namin ang sinuman na Aming nais mula sa mga Sugo at kanilang mga tagasunod, at walang sinuman ang makapipigil sa Aming parusa sa sinumang nagkasala at naghimagsik laban sa Allâh (ﷻ). At ang pahayag na ito ay bilang pampalubag-loob kay Propeta Muhammad (ﷺ).

111. Walang pag-aalinlangan, sa mga kuwento ng mga Sugo na Aming ikinuwento sa iyo, O Muhammad (ﷺ), at sa anumang kaparusahan sa mga tumanggi ay bilang aral sa sinumang matitino ang kanilang mga kaisipan. Kailanman, ang Dakilang Qur'ân na ito ay hindi kasinungalingan at haka-haka, kundi ito ay Aming ipinahayag bilang pagpapatotoo sa mga nauna rito na Kasulatan mula sa Allâh (ﷻ), at paglilinaw sa anumang kapaliwanagan na kailangan ng mga alipin ng Allâh na katulad ng pagpapahintulot at pagbabawal, at anumang kanais-nais na mga bagay at hindi kanais-nais at iba pa, at gabay mula sa pagkaligaw, at awa sa mga naniwala upang sila'y gabayan sa kanilang mga puso, nang sa gayon ay maisagawa nila ang anumang mga nilalaman nito na mga ipinag-uutos at maiwasan ang mga ipinagbabawal.

سورة الرعد 13

XIII – Sûrat Ar-Ra`d

[**Kabanata Ar-Ra`d** – Ang Kidlat]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Alif-Lãm-Mĩm-Râ*. Ang mga titik na ito ng Alpabetong '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.' Ang mga talata ng Dakilang Qur'ân na ito ay mataas ang antas, at ang ipinahayag na ito sa iyo ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay katotohanan, na di-tulad ng mga sinasabi ng mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh na mga '*Mushrikûn*' na: Ikaw sa katunayan ay gawa-gawa mo lamang ito sa iyong sarili, na kung kaya, karamihan sa mga tao ay hindi naniwala rito (sa Qur'ân) at di nila ito isinasapamuhay.

2. Ang Allâh (ﷻ), Siya ang nagtaas ng pitong kalangitan sa pamamagitan ng Kanyang Kapangyarihan na wala kayong mga haliging nakikita, pagkatapos Siya ay nag-'*Istawâ*' – pumaroon sa taas ng Kanyang ''*Arsh*' ayon sa pamamaraan na angkop na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan. Sinanhi Niya sa ilalim ng Kanyang pag-aatas ang araw at ang buwan upang maging kapaki-pakinabang sa Kanyang mga alipin, na ang dalawang ito ay kapwa umiikot sa mga '*orbit*' o ligiran nito hanggang sa itinakdang panahon (pagkagunaw ng sandaigdigan). Pinapangasiwaan ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng bagay dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, na ipinaliliwanag Niya nang ganap sa inyo ang mga palatandaang nagpapatunay sa Kanyang Kapangyarihan, na walang pag-aalinlangan na walang sinuman ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa

Kanya; upang kayo ay maniwala nang may katiyakang paniniwala sa Kanya at sa inyong pakikipagharap sa Kanya (sa Kabilang-Buhay), na kung kaya, maniwala sa Kanyang pangako at babala, at gawin ninyong taos-puso ang inyong pagsamba na bukod-tanging para lamang sa Kanya.

3. At walang sinuman kundi Siya – ang Allâh (ﷻ) – ang Lumikha ng kalupaan nang palatag at ito ay Kanyang inihanda upang kayo ay mamuhay dito, at itinalusok Niya rito ang mga kabundukan nang matatag na pagkakatalusok, at ganoon din ang mga ilog ay ginawa Niya para inyong magiging inumin at mga kapakinabangan, at nilikha rin Niya rito ang bawa't uri ng mga bunga na magkakaparis, kaya mayroong maputi at mayroong maitim, mayroong matamis at mayroong maasim, at iba pa. At ginawa Niya ang gabi bilang pantakip sa araw sa pamamagitan ng kadiliman nito. Walang pag-aalinlangan, ang mga nabanggit na ito ay mapagkukunan ng maraming aral at mapapakinabangan ng mga taong nag-iisip.

4. At iba't-ibang kalupaan na magkakaratig (magkakatabi) ay mayroong mataba na kalupaan na tumutubo mula roon ang anumang pananim na napapakinabangan ng tao at mayroon namang tuyot na kalupaan na hindi tinutubuan ng anumang pananim, at sa matabang kalupaan ay naroroon ang mga hardin ng mga ubas, at ginawa rin ng Allâh (ﷻ) doon ang iba't ibang pananim at mga puno ng palmera ng '*Thamr*' o datiles na nagkukumpulan at mayroon din namang magkakahiwalay, na ang pinagmumulan ng lahat ng ito ay iisang uri ng lupa lamang at diniligan sa pamamagitan ng iisang uri ng tubig lamang subali't iba't ibang uri ang kinalabasan ng mga bunga nito, sukat, lasa at iba pa, na kung kaya, mayroong matamis mula rito at ang iba naman ay maasim, at ang iba ay nakahihigit kaysa iba na kainin. Katiyakan, ito ay mga palatandaan para sa sinumang mayroong puso na nag-iisip hinggil sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang pag-uutos at pagbabawal.

5. At kung namangha ka, O Muhammad (ﷺ), dahil sa hindi nila paniniwala pagkatapos maipakita ang mga palatandaang ito ay lalo kang mamamangha sa sinasabi ng mga walang pananampalataya: "*Kapag kami ay namatay na at naging alabok na ay katotohanan bang bubuhayin pa kami na mag-uli?*" Sila ang mga yaong hindi naniwala at tinanggihan nila ang kanilang '*Rabb*' na Lumikha sa kanila mula sa wala! At sila ang mga yaong kakadenahan ng bakal ang kanilang mga paa na gawa sa apoy at ipupulupot ito sa kanilang mga leeg sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at sila ay mananatili sa Impiyerno magpakailanman na hindi na sila makalalabas pa roon.

6. At minamadali ka, O Muhammad (ﷺ), ng mga walang pananampalataya sa parusa na kung saan ay hindi Ko minadaling iparusa ito sa kanila rito sa daigdig, bago sila mamulat sa katotohanan na kung saan naririto ang kaligtasan at mga kabutihan, gayong walang pag-aalinlangang nauna nang iginawad ang parusa sa mga hindi naniwala na nauna kaysa kanila, kung gayon, paano itong hindi naging aral sa kanila?

At katiyakan na ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ) ay nagpapatawad sa mga kasalanan ng sinumang nagsisisi sa kanyang mga pagkakasala at kanyang pang-aapi sa iba, binubuksan Niya ang pintuan ng kapatawaran at hinihikayat sila tungo rito, kahit na ipinapahamak pa nila ang kanilang mga sarili dahil sa kanilang paglabag sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, magkagayunpaman, dapat ding mabatid na walang pag-aalinlangang ang iyong '*Rabb*' ay matindi ang Kanyang parusa sa sinumang nagpupumilit sa pagtanggi, pagkaligaw at paglabag sa Kanyang kagustuhan.

7. At sinasabi ng mga walang pananampalataya sa Makkah (noon): "*Bakit hindi na lamang dumating sa kanya mula sa kanyang* '*Rabb ang himala na tulad ng tungkod ni Mousã o kamelyo ni Sâleh?*" Ikaw ay tagapagbabala lamang, O Muhammad (ﷺ), wala ito sa kakayahan mo, kundi ang tungkulin mo lamang ay iparating ang mensahe sa kanila at balaan sila mula sa kaparusahan ng Allâh, at sa bawa't sambayanan ay mayroong Sugo na ginagabayan sila tungo sa Allâh (ﷻ).

8. Ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa anumang dala-dala ng mga kababaihan sa kanilang mga sinapupunan, kung ito ba ay sanggol na lalaki o babae? O kung sawing-palad ba ito o pinagpala? At batid din Niya kung ano ang kakulangan ng sanggol sa sinapupunan kaya ito ay malalaglag o di kaya ay ipapanganak bago mabuo ang siyam na buwan, at kung sino ang hihigit sa panahon ng pagdadala sa kanya ng kanyang ina. At ang bawa't bagay ay nakatakda na sa Allâh (ﷻ), na ang Kanyang pagkakatakda ay maaaring kulang, labis o sapat na sapat lamang.

9. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakaaalam ng anumang di-nakikita ng mga mata at di-nababatid ng kaalaman, at saka yaong mga nakikita at nababatid, Siya ay '***Al-Kabeer***' – ang Pinakadakila mismo sa Kanyang Sarili, sa Kanyang mga Pangalan at sa Kanyang mga Katangian; na Siya ang Ganap na Kataas-Taasan sa Kanyang mga nilikha, sa Kanyang Sarili, sa Kanyang Kapangyarihan at sa Kanyang Pangunguntrol (na ang ibig sabihin ay walang sinuman ang makahahadlang sa anuman na Kanyang naisin).

10. Pantay sa Kaalaman ng Allâh (ﷻ) ang sinumang naglilihim ng kanyang salita mula sa inyo at ang sinumang naghahayag nito, at pantay din sa Kanyang Kaalaman ang sinumang inililihim niya ang kanyang mga gawain sa kadiliman ng gabi at sa sinumang inilalantad niya ito sa liwanag ng araw.

11. Ang Allâh (ﷻ) ay mayroong mga anghel na nagsasalit-salitan sa pagmamatyag sa sinumang tao, na mayroon sa mga ito ang nasa kanyang harapan at nasa kanyang likuran, at pinapangalagaan siya sa anumang pangyayari sa pamamagitan ng pag-aatas ng Allâh (ﷻ) at itinatala nito ang anumang nagmumula sa kanya, mabuti man o masama.

Katiyakan, hindi binabago ng Allâh (ﷻ) ang biyaya na ipinagkaloob Niya sa sambayanan maliban na lamang kung babaguhin nila mismo sa kanilang sarili ang kalagayan ng kanilang kabutihan at labagin nila ang ipinag-utos sa kanila. At kapag ninais ng Allâh (ﷻ) ang pagsubok sa isang grupo ay hindi na ito mapipigilan pa, at walang sinuman ang maaaring maging tagapangalaga bukod sa Allâh (ﷻ) na mangangalaga sa kanila, na dadalhin para sa kanila ang anumang bagay na naiibigan nila at ilalayo sila sa anumang hindi kanais-nais.

12. Siya, ang Allâh (ﷻ) ang nagpapakita sa inyo ng kidlat, na ito ay kabilang sa Kanyang mga palatandaan, na kayo ay natatakot sa pamamagitan nito dahil sinusunog ng kidlat ang sinumang tamaan nito at inaasam-asam naman ninyo na ibababa sa pamamagitan nito ang ulan. At sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) ay ginawa Niya ang ulap bilang tagapagdala ng maraming tubig para sa inyong kapakinabangan.

13. At niluluwalhati ng '*Ar-Ra`d*' (kidlat) at pinupuri ang Allâh (ﷻ) na nangangahulugan ng pagpapasailalim nito sa kanyang '*Rabb*,' at gayundin ang mga anghel, niluluwalhati nila ang Allâh (ﷻ) bilang pagkatakot sa Kanya. At ipinapadala ng Allâh (ﷻ) ang mga kidlat na nakapipinsala sa mga nilikha, na napipinsala nito ang sinuman na Kanyang nais sa Kanyang mga nilikha, subali't ang mga walang pananampalataya ay nagtatalu-talo sa Katangian ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Kakayahan na Pagbuhay na Mag-uli, samantalang Siya ang Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang Kakayahan at Masidhi ang Kanyang parusa sa sinumang lumabag sa Kanya.

14. Para sa Kanya lamang ang Salita ng Katotohanan, na ito ay '***Lâ ilâha il-lal-lâh***' – walang sinumang '*ilâh*' (diyos na sinasamba) o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi ang Allâh (ﷻ) – na kung kaya, walang nararapat na sambahin at tatawagan sa panalangin kundi Siya lamang, dahil ang mga diyus-diyusan na sinasamba nila bukod sa Allâh ay hindi nito matutugunan ang panalangin ng sinumang nanalangin sa kanila, at ang katulad nila kasama ang kanilang mga sinasamba ay tulad ng isang (tao na) nauuhaw na pilit na iniuunat (inilalahad) nito ang kanyang dalawang kamay upang abutin ang tubig na malayo sa kanya (na katulad ng tubig na nasa kailaliman ng balon); upang mapalapit ito sa kanyang bibig subali't hindi ito umaabot sa kanya, na kung kaya, ang panalangin ng mga walang pananampalataya ay napakalayo na matugunan dahil ito ay wala sa katotohanan, na wala silang gabay dahil sa kanilang ginawang pagtatambal sa pagsamba sa Allâh.

15. At sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi nagpapatirapa bilang pagpapakumbaba ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan, nagpapasailalim sa Kanyang kagustuhan ang mga mananampalataya nang kusang-loob, at gayundin ang mga walang pananampalataya kahit ayaw pa nila dahil sa sila ay nagmamataas na ayaw nilang sumamba sa Kanya, gayong ang kanilang katayuan at ang kanilang likas na katangian ay tinatanggihan ang kanilang ginagawang paglabag, at nagpapasailalim sa Kanyang Kadakilaan ang mga anino ng lahat ng mga nilikha, at ito ay gumagalaw dahil sa Kanyang kagustuhan mula sa simula ng araw hanggang sa duluhan nito.

16. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga '*Mushrikin*:' "*Sino ang Lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at ang nangangasiwa nito?*" Sabihin mo: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ang Siyang Lumikha at Nangangasiwa nito*, *at ito ay inyong sinasang-ayunan*," pagkatapos sabihin mo sa kanila bilang pagdidiin sa kanila sa pamamagitan ng

katibayan: "*Itinuturing ba ninyo bilang tagapangalaga at sinasamba ang iba bukod sa Allâh*, *samantalang ang mga ito ay walang kakayahan na magdulot ng anumang kapakinabangan ni kapinsalaan sa kanilang mga sarili*, *paano pa kaya sa inyo*, *na kung kaya*, *paano ninyo tinalikuran ang pagsamba sa tunay na Nagmamay-ari nito?*"

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Maaari bang magkatulad sa inyong paningin ang walang pananampalataya na bulag at ang mananampalataya na nakakakita? O di kaya*, *maaari bang magkatulad sa inyo ang kadiliman na ito ay pagtanggi sa katotohanan at ang liwanag na ito ay paniniwala sa katotohanan? O di kaya*, *ang kanila bang mga sinasamba na itinuturing nila bilang katambal ng Allâh ay makalilikha ba ito ng tulad ng nilikha ng Allâh* (ﷻ), *kaya naghalo sa kanilang maling pananaw kung ano ang nilikha ng kanilang mga sinasamba bukod sa Allâh sa anumang nilikha ng Allâh* (ﷻ), *na kung kaya*, *inaakala nilang karapat-dapat sambahin ang mga ito?*"

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Khâliq***' *– Siyang Lumikha ng lahat ng bagay mula sa wala*, *na kung kaya*, *Siya lamang ang bukod-tangi na may karapatang sambahin*; *at Siya rin ay* '***Al-Wâhid***' *– ang Bukod-Tangi at Nag-iisa*, *na* '***Al-Qahhâr***' *– ang Ganap na Tagapagkontrol* (*Tagapamahala*) *na nagtatangan ng pagiging* '*Ilâh*' (*o Diyos na karapat-dapat sambahin*) *at hindi yaong kanilang mga diyus-diyusan at mga rebulto na hindi man lamang nakapipinsala ni nakapagbibigay ng kapakinabangan*."

17. Pagkatapos ay nagbigay ang Allâh (ﷻ) ng pagkakahalintulad ng katotohanan sa kamalian sa pamamagitan ng tubig na Kanyang ibinababa mula sa kalangitan at ito ay umaagos sa mga lambak batay sa laki o liit nito, kaya natatangay ng agos (baha) ang mga bula na nasa ibabaw nito na walang pakinabang.

At nagbigay (pa rin) Siya ng isa pang halimbawa: ang '*Ma`âdin*' (inang-mina) na idinadarang ito sa apoy upang gawing palamuti o kagamitan na tulad ng ginto o pilak, o anumang mapapakinabangan nila na katulad ng tanso, at humihiwalay mula rito sa '*Ma`âdin*' ang kalawang o anumang katulad nito na walang pakinabang na tulad din ng nangyari sa tubig na nabanggit.

Na kung kaya, sa pamamagitan nito inihahalimbawa ng Allâh (ﷻ) ang katotohanan sa kamalian: na ang kamalian ay katulad ng bula na nawawala, natatangay at naitatapon dahil sa wala itong pakinabang, at ang katotohanan ay yaong malinis na tubig na nananatili, at gayundin yaong malinis na inang-mina ay nananatili rin upang mapakinabangan, na kung paano ito ipinaliliwanag sa inyo bilang paghahambing ay ganoon ding ipinaliliwanag ito sa mga tao; upang maging malinaw ang katotohanan mula sa kamalian at ang gabay mula sa pagkaligaw.

18. Sa mga mananampalataya na tumugon sa Panawagan ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na sila ay ang mga yaong sumunod sa Allâh at sa Kanyang Sugo, ang para sa kanila ay '*Al-Jannah*;' at sa mga yaon namang hindi sumunod at lumabag, ang para sa kanila ay Impiyernong-Apoy, at kahit pagmamay-ari pa nila ang lahat ng nasa kalupaan o doblehin pa nila ito, at ito ay kanilang gamitin bilang pantubos sa kanilang mga sarili mula sa parusa ng Allâh sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kailanman ay hindi ito tatanggapin sa kanila, na sila ay hahatulan ng matinding paghahatol sa lahat ng kanilang mga nagawang kasamaan. Ang kanilang patutunguhan ay Impiyernong-Apoy; at walang pag-aalinlangan, na anong napakasamang lugar na kanilang inihanda para sa kanilang mga sarili.

19-20. Siya ba na nakaaalam ng inihayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), mula sa Allâh (ﷻ) na katotohanan, na kung kaya, ito'y kanyang pinaniniwalaan, ay magiging katulad ba ito ng isang bulag sa katotohanan na hindi niya ito pinaniwalaan? Katiyakan, ang mga taong tumatanggap ng payo ay ang mga yaong matutuwid ang kanilang kaisipan na tinutupad nila ang kanilang pangako sa Allâh na ipinag-utos sa kanila, at hindi nila sinisira ang pangako nila sa Allâh (ﷻ).

21. At sila ang mga yaong pinanatili ang ugnayang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa kanila na dapat panatilihin na katulad ng ugnayan nila sa kanilang mga kamag-anak at sa mga nangangailangan, at sila ay natatakot sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pinangangambahan nila na sila ay hahatulan sa Araw ng Paghuhukom sa kanilang mga kasalanan, na nangangamba sila na baka ito ay hindi mapatawad sa kanila.

22. At yaong mga nanatili sa pagtitiis sa mga pagsubok habang sila ay sumusunod sa kautusan at umiiwas sa ipinagbabawal bilang paghahangad na makita ang Mukha ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at mamahalin sila, at isinasagawa nila ang pagsa-'*Salah*' sa pinakatamang pamamaraan nito, at ginugugol nila ang anumang ipinagkaloob sa kanila mula sa kanilang mga kayamanan na obligadong kawanggawa ('*zakah*') at gayundin ang pangkaraniwang kawanggawa ('*sadaqah*'), palihim man ito o lantad, at hinaharangan nila ang masamang gawain sa pamamagitan ng pagsagawa ng kabutihan – sila na mga yaong nagtatangan ng mga ganitong katangian ang para sa kanila ay pinakamagandang tahanan sa Kabilang-Buhay.

23. Ang pinakamagandang tahanan na yaon ay ang mga Hardin na Tahanan ng walang-hanggan; na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan at kasama nila ang mga mababuting tao na kanilang mga magulang, mga asawa at kanilang lahi, mga kalalakihan man o kababaihan, at papapasukin sila ng mga anghel na

magmumula sa lahat ng pintuan upang sila ay batiin sa kanilang pagpasok sa '*Al-Jannah*' (o Hardin).

24. Sasabihin ng mga anghel sa kanila: "*Salâmun `Alaykum* (*kapayapaan ay sumainyo*) *na ligtas kayo sa anumang masama dahil sa inyong pagtitiis sa pagsunod sa Allâh* (ﷻ), *na kung kaya*, *napakaganda ng inyong hantungan na tahanan sa* '*Al-Jannah*.'"

25. Ang mga sawing-palad naman na inilalarawan ang kanilang mga katangian na salungat sa mga mananampalataya, na sila ay yaong hindi tumutupad sa kanilang pangako sa Allâh (ﷻ) na pagsamba sa Kanya nang bukod-tangi pagkatapos nila itong ipangako sa kanilang mga sarili, at ang mga yaong sinira nila ang ugnayan na ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) na panatilihin na katulad ng ugnayang magkakamag-anak at iba pa. At sila ay naniminsala sa ibabaw ng kalupaan sa pamamagitan ng pagsagawa ng kasamaan, ang mga yaong nabanggit ang kanilang mga masasamang katangian, ang para sa kanila ay sumpa na malayo sila sa Awa ng Allâh, at ang para sa kanila ay ang anumang kinamumuhian nila na matinding parusa sa Kabilang-Buhay.

26. Ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi ang nagsasanhi na lumuwag ang kabuhayan ng sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang alipin, at hinihigpitan naman Niya ang sinuman na Kanyang nais, at nagagalak ang mga walang pananampalataya sa kanilang masaganang pamumuhay dito sa daigdig, subali't ang makamundong buhay na ito, na para sa kanila ay napakaliit dahil sa ito ay pansamantalang kaligayahan lamang kung ihahambing sa Kabilang-Buhay na walang hanggan.

27. At sinasabi ng mga walang pananampalataya bilang pagmamatigas: "*Bakit hindi ka na lamang pinadalhan*, *O Muhammad*, *ng himala na nakikita na tulad ng himala na ipinagkaloob kay Mousã* (عليه السلام) *at `Îsã* (عليه السلام)*?*" Sabihin mo sa kanila: "*Katiyakang ang Allâh* (ﷻ), *inililigaw Niya ang sinuman na Kanyang nais mula sa mga lumabag sa anumang Patnubay sa pamamagitan ng di-pakikinabang sa mga ipinakitang himala*, *at ginagabayan Niya tungo sa katotohanan ang sinumang nagbabalik-loob sa Kanya at naghahangad ng Kanyang pagmamahal*."

28. At ginagabayan Niya ang mga yaong panatag ang kanilang kalooban sa kanilang bukod-tanging pagsamba sa Allâh (ﷻ) at pagpuri sa Kanya. Na kung kaya, dapat mong mabatid na ang pagsunod sa Allâh (ﷻ) at ang pag-aalaala (pagpuri, pagluwalhati at pagdakila) sa Kanya at ang Kanyang gantimpala, na ang mga ito ang sanhi ng pagkakapanatag ng mga kalooban.

الجزء الثالث عشر سورة الرعد
الَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ طُوبَىٰ لَهُمْ وَحُسْنُ
مَـَٔابٍ ﴿٢٩﴾ كَذَٰلِكَ أَرْسَلْنَٰكَ فِىٓ أُمَّةٍ قَدْ خَلَتْ مِن قَبْلِهَآ أُمَمٌ
لِّتَتْلُوَا۟ عَلَيْهِمُ ٱلَّذِىٓ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ وَهُمْ يَكْفُرُونَ بِٱلرَّحْمَٰنِ
قُلْ هُوَ رَبِّى لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ وَإِلَيْهِ مَتَابِ ﴿٣٠﴾
وَلَوْ أَنَّ قُرْءَانًا سُيِّرَتْ بِهِ ٱلْجِبَالُ أَوْ قُطِّعَتْ بِهِ ٱلْأَرْضُ أَوْ كُلِّمَ
بِهِ ٱلْمَوْتَىٰ ۗ بَل لِّلَّهِ ٱلْأَمْرُ جَمِيعًا ۗ أَفَلَمْ يَاْيْـَٔسِ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟
أَن لَّوْ يَشَآءُ ٱللَّهُ لَهَدَى ٱلنَّاسَ جَمِيعًا ۗ وَلَا يَزَالُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟
تُصِيبُهُم بِمَا صَنَعُوا۟ قَارِعَةٌ أَوْ تَحُلُّ قَرِيبًا مِّن دَارِهِمْ حَتَّىٰ يَأْتِىَ
وَعْدُ ٱللَّهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُخْلِفُ ٱلْمِيعَادَ ﴿٣١﴾ وَلَقَدِ ٱسْتُهْزِئَ بِرُسُلٍ
مِّن قَبْلِكَ فَأَمْلَيْتُ لِلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ثُمَّ أَخَذْتُهُمْ ۖ فَكَيْفَ كَانَ
عِقَابِ ﴿٣٢﴾ أَفَمَنْ هُوَ قَآئِمٌۢ عَلَىٰ كُلِّ نَفْسٍۭ بِمَا كَسَبَتْ ۗ وَجَعَلُوا۟
لِلَّهِ شُرَكَآءَ ۚ قُلْ سَمُّوهُمْ ۚ أَمْ تُنَبِّـُٔونَهُۥ بِمَا لَا يَعْلَمُ فِى ٱلْأَرْضِ أَم
بِظَٰهِرٍ مِّنَ ٱلْقَوْلِ ۗ بَلْ زُيِّنَ لِلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مَكْرُهُمْ وَصُدُّوا۟ عَنِ
ٱلسَّبِيلِ ۗ وَمَن يُضْلِلِ ٱللَّهُ فَمَا لَهُۥ مِنْ هَادٍ ﴿٣٣﴾ لَّهُمْ عَذَابٌ فِى ٱلْحَيَوٰةِ
ٱلدُّنْيَا ۖ وَلَعَذَابُ ٱلْـَٔاخِرَةِ أَشَقُّ ۖ وَمَا لَهُم مِّنَ ٱللَّهِ مِن وَاقٍ ﴿٣٤﴾

29. Ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at gumawa ng mga mababuting gawa, ang para sa kanila ay kasiyahan at kapanatagan, at magandang kalalagyan, at mabuting patutunguhan na ito ay '*Al-Jannah*' (Hardin) ng Allâh (ﷻ) at Kanyang pagmamahal.

30. Na kung paano Namin ipinadala ang mga Sugo na nauna sa iyo, ay ganoon ka rin Namin ipinadala, O Muhammad (ﷺ), sa iyong sambayanan na kung saan ay may nauna na sa kanilang sambayanan na pinadalhan ng mga Sugo, upang bigkasin mo sa sambayanang ito ang Kabanal-banalan na Qur'ân na ipinahayag sa iyo, at samantalang sila ay tumanggi sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang Allâh* (ﷻ) *na Pinakamahabagin na hindi ninyo sinamba nang bukod-tangi ay Siya ang aking* '*Rabb*' *na Bukod-Tangi na walang karapat-dapat na sambahin bukod sa Kanya*, *na sa Kanya ko lamang ipinauubaya ang aking sarili at sa Kanya rin ako nagbabalik-loob at humihingi ng kapatawaran.*"

31. Tinugunan ng Allâh (ﷻ) ang mga walang pananampalataya na humingi ng tuwirang himala kay Propeta Muhammad (ﷺ), kaya sinabi sa kanila (ng Allâh ﷻ): At kung mayroong binibigkas na Qur'ân, na naaalis nito ang mga kabundukan sa kinaroroonan nito, o di kaya ay nabibiyak nito ang kalupaan upang magkaroon dito ng ilog na umaagos, o di kaya ay bubuhayin nito ang mga patay at makikipag-usap sa kanila na katulad ng hinihingi nila ay walang iba kundi ang Qur'ân lamang na ito, subali't magkagayunpaman ay hindi pa rin sila naniwala, samantalang bukod-tangi na ang Allâh (ﷻ) ang pinagmumulan ng lahat ng kautusan sa mga himala at iba pa.

Hindi ba batid ng mga mananampalataya na ang Allâh (ﷻ) sa katotohanan na kung nanaisin Niya na maniwala ang lahat ng nasa kalupaan nang walang kahima-himala ay mangyayari? Subali't patuloy pa rin sila na mga walang pananampalataya na tinatamaan ng mga parusa ng Allâh dahil sa kanilang kasamaan na katulad ng

pagkamatay, pagkabihag sa kanila sa pakikipaglaban nila sa mga Muslim, o mga parusa na nangyayari sa mga karatig-pook nila, hanggang sa dumating ang Pangako ng Allâh na mananalo ang mga Muslim laban sa kanila. Katiyakang hindi sinisira ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang pangako.

32. At kung kinutya nila ang paanyaya mo, O Muhammad (ﷺ), ay kinutya rin ng mga naunang sambayanan ang kanilang mga Sugo na nauna sa iyo, na kung kaya, huwag kang malungkot, dahil walang pag-aalinlangang pinagbibigyan Ko lamang ang mga walang pananampalataya, subali't pagkatapos nito ay pupuksain Ko rin sila sa pamamagitan ng Aking parusang napakasidhi, anong kakila-kilabot na kaparusahan!

33. At kung sino ang nangangalaga ng bawa't tao na nagtatala sa anumang nagagawa nito, ay di ba Siya ang karapat-dapat na sambahin kaysa sa mga nilikha lamang na walang kakayahan? Subali't dahil sa kakulangan ng kanilang kaalaman ay gumawa sila ng mga katambal ng Allâh na sinamba nila mula sa Kanyang nilikha. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ):

"*Sabihin ninyo ang mga pangalan ng mga ito at mga katangian nila*, *subali't kailanman ay hindi sila makakatagpo ng anumang katangian nito na magiging sapat na kadahilanan upang ito ay kanilang sambahin! Kayo ba ang magsasabi sa Allâh* (ﷻ) *na hindi Niya batid ang mga itinatambal ninyo na nasa ibabaw ng kalupaan o di kaya ay banggitin ninyo ang mga pangalan ng mga itinatambal ninyo na pawang pangalan lamang na walang katotohanan.*"

Na kung kaya, pinaganda lamang ni '*Shaytân*' sa mga walang pananampalataya ang pagsabi ng mga kamalian at kanilang pagharang sa Daan ng Allâh; at sinuman ang hindi ginabayan ng Allâh (ﷻ) tungo sa Kanyang Patnubay ay walang sinuman ang makagagabay sa kanya at siya ay hindi mapapatnubayan tungo sa katotohanan.

34. Para sa mga walang pananampalataya na hinarangan ang Daan ng Allâh ay matinding kaparusahan dito sa daigdig na pagkamatay, pagkabihag at kapahamakan; at walang pag-aalinlangan na lalong masidhi ang kanilang kaparusahan sa Kabilang-Buhay at wala silang tagapagtanggol o tagapagligtas mula sa parusa ng Allâh.

الجزء الثالث عشر سورة الرعد

مَّثَلُ ٱلْجَنَّةِ ٱلَّتِى وُعِدَ ٱلْمُتَّقُونَ ۖ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ ۖ
أُكُلُهَا دَآئِمٌ وَظِلُّهَا ۚ تِلْكَ عُقْبَى ٱلَّذِينَ ٱتَّقَوا۟ ۖ وَّعُقْبَى
ٱلْكَٰفِرِينَ ٱلنَّارُ ﴿٣٥﴾ وَٱلَّذِينَ ءَاتَيْنَٰهُمُ ٱلْكِتَٰبَ يَفْرَحُونَ
بِمَآ أُنزِلَ إِلَيْكَ ۖ وَمِنَ ٱلْأَحْزَابِ مَن يُنكِرُ بَعْضَهُۥ ۚ قُلْ إِنَّمَآ أُمِرْتُ
أَنْ أَعْبُدَ ٱللَّهَ وَلَآ أُشْرِكَ بِهِۦٓ ۚ إِلَيْهِ أَدْعُوا۟ وَإِلَيْهِ مَـَٔابِ ﴿٣٦﴾
وَكَذَٰلِكَ أَنزَلْنَٰهُ حُكْمًا عَرَبِيًّا ۚ وَلَئِنِ ٱتَّبَعْتَ أَهْوَآءَهُم بَعْدَ مَا
جَآءَكَ مِنَ ٱلْعِلْمِ ۙ مَا لَكَ مِنَ ٱللَّهِ مِن وَلِىٍّ وَلَا وَاقٍ ﴿٣٧﴾ وَلَقَدْ
أَرْسَلْنَا رُسُلًا مِّن قَبْلِكَ وَجَعَلْنَا لَهُمْ أَزْوَٰجًا وَذُرِّيَّةً ۚ وَمَا كَانَ
لِرَسُولٍ أَن يَأْتِىَ بِـَٔايَةٍ إِلَّا بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۗ لِكُلِّ أَجَلٍ كِتَابٌ ﴿٣٨﴾
يَمْحُوا۟ ٱللَّهُ مَا يَشَآءُ وَيُثْبِتُ ۖ وَعِندَهُۥٓ أُمُّ ٱلْكِتَٰبِ ﴿٣٩﴾
وَإِن مَّا نُرِيَنَّكَ بَعْضَ ٱلَّذِى نَعِدُهُمْ أَوْ نَتَوَفَّيَنَّكَ فَإِنَّمَا عَلَيْكَ
ٱلْبَلَٰغُ وَعَلَيْنَا ٱلْحِسَابُ ﴿٤٠﴾ أَوَلَمْ يَرَوْا۟ أَنَّا نَأْتِى ٱلْأَرْضَ نَنقُصُهَا
مِنْ أَطْرَافِهَا ۚ وَٱللَّهُ يَحْكُمُ لَا مُعَقِّبَ لِحُكْمِهِۦ ۚ وَهُوَ سَرِيعُ
ٱلْحِسَابِ ﴿٤١﴾ وَقَدْ مَكَرَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ فَلِلَّهِ ٱلْمَكْرُ جَمِيعًا ۖ
يَعْلَمُ مَا تَكْسِبُ كُلُّ نَفْسٍ ۗ وَسَيَعْلَمُ ٱلْكُفَّٰرُ لِمَنْ عُقْبَى ٱلدَّارِ ﴿٤٢﴾

35. Ang paglalarawan ng '*Jannah*' (Hardin) na ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa mga yaong may takot sa Kanya: ito ay mayroong umaagos na ilog sa ilalim ng mga puno at mga palasyo, at ang bunga rito ay walang hanggan at gayundin ang lilim nito; at ang gantimpalang ito na Hardin ay patutunguhan ng mga yaong may takot sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, iniwasan nila ang paglabag at isinagawa nila ang ipinag-utos, gayong ang huling hantungan ng mga walang pananampalataya ay Impiyernong-Apoy.

36. Ang mga yaong pinagkalooban ng Kasulatan na mga Hudyo at Kristiyano, na sila ay naniwala sa iyo na katulad ni `Abdullâh Ibn Salâm at saka ang haring si An-Najâshi, na nagagalak sa pagkapahayag ng Dakilang Qur'ân sa iyo bilang patunay sa anumang Kasulatan na nasa kanila, at mayroon sa mga nagtitipun-tipon na mga walang pananampalataya ang laban sa iyo na katulad ni Sayyid at saka si Al-`Âqib na sila ay mga Monghe ng Najrân, at saka si Ka`b Ibnul Ashraf na tinatanggihan ang iba sa mga ipinahayag sa iyo. Sabihin mo sa kanila: "*Ang ipinag-utos lamang ng Allâh* (ﷻ) *sa akin ay sambahin ko Siya nang bukod-tangi*, *na hindi ako magtatambal ng sinuman sa pagsamba ko sa Kanya at dito ko hinihikayat ang mga tao at sa Kanya ako magbabalik at patutungo.*"

37. At kung paano Kami nagpahayag ng mga Kasulatan sa mga Propeta sa kani-kanilang wika ay nagpahayag naman Kami sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ng Kabanal-banalan na Qur'ân sa wikang '*Arabic*;' upang ito ang maging panuntunan ninyo bilang batas, at kung susundin mo ang kagustuhan ng mga walang pananampalataya sa pagsamba ng iba bukod sa Allâh pagkatapos na dumating sa iyo ang katotohanan mula sa Allâh (ﷻ) ay walang sinuman ang makatutulong sa iyo at magliligtas mula sa kaparusahan ng Allâh.

38. At kapag sinabi nila: "*Bakit ikaw*, *O Muhammad*, *ay nag-aasawa ng mga kababaihan?*" Walang pag-aalinlangan, nagpadala Kami ng mga nauna sa iyo na mga

Sugo na mula sa mga tao at nilikha Namin ang kanilang naging mga asawa at mga lahi, at kung sinabi nila: "*Kung siya ay tunay na Sugo ay ipakita nga niya ang hiningi natin na mga himala*," samantalang walang kakayahan ang sinumang Sugo na magpakita ng himala na hinihingi ng kanyang sambayanan maliban na lamang sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ). Sa lahat ng bagay na itinakda ng Allâh ay nakatala na at may hangganan, na ito ay itinala ng Allâh (ﷻ) na nasa Kanya na kailanman ay hindi maiaantala ni maiuusad.

39. Inaalis ng Allâh (ﷻ) ang anuman na Kanyang nais alisin na batas at iba pa, at pinananatili Niya ang anuman na Kanyang nais sa kadahilanang Siya lamang ang Nakaaalam, at nasa Kanya ang pinakatalaang ito, na tinatawag na '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*.'

40. At kapag ipinakita Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang ilan sa mga parusa na ipinangako Namin sa iyong mga kalaban bilang paghamak at kahihiyan dito sa daigdig, na yaon ang ipinamadali nilang parusa sa kanila; o di kaya ay sanhiin Namin na ikaw ay mamatay bago maipakita ang parusang ito, walang pag-aalinlangang ang tungkulin mo lamang ay iparating ang mensahe at sa Amin naman ang Pagtutuos at Pagtutumbas.

41. Hindi ba nakita ng mga walang pananampalataya na binabawasan Namin ang kalupaan mula sa mga dulo nito, na katulad ng pagpasok ng mga Muslim sa lugar ng mga walang pananampalataya at napapasailalim ito sa pangangasiwa ng mga Muslim? At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Nagpapasiya, at kapag Siya ay nagpasiya, wala nang maaari pang makapagbago ng Kanyang ipinasya, na mabilis ang Kanyang pagtutuos at paghuhukom, na kung kaya, huwag ninyong madaliin ang Kanyang kaparusahan dahil sa ito ay walang pag-aalinlangang darating.

42. Katiyakan, nagpakana ang mga nauna sa inyo laban sa kanilang mga Sugo, na katulad ng ginawa nila sa iyo, O Muhammad (ﷺ), subali't Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng panukala, at ginawa Niyang walang kabuluhan ang kanilang mga pakana at wala silang matatamo kundi kabiguan at pagsisisi.

Batid ng Allâh (ﷻ) ang anumang napapala ng bawa't tao, mabuti man ito o masama, at ayon dito sila ay gagantihan. At walang pag-aalinlangan, mababatid ng mga walang pananampalataya kapag sila ay humarap na sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha kung sino ang magiging kaaya-aya ang kanyang patutunguhan pagkatapos ng buhay dito sa daigdig, na ito ay para sa mga tagasunod ng mga Sugo. At ito ay matinding paghahamon at babala sa mga walang pananampalataya.

43. At sinasabi ng mga yaong walang pananampalataya: "*O Muhammad! Hindi ka ipinadala ng Allâh bilang Sugo*." Sabihin mo sa kanila: "*Sapat na ang Allâh* (ﷻ) *bilang testigo sa aking pagiging totoo at sa pagiging sinungaling ninyo*, *at sapat na ring testigo ang sinumang nakaaalam ng Aklat na mula sa mga Hudyo at mga Kristiyano*, *na naniwala sa aking mensahe*, *na ang dala-dala ko ay mula sa Allâh* (ﷻ), *at sinunod niya ang katotohanan at inihayag ang kanyang pagsasaksi at hindi niya inilihim*."

سورة إبراهيم 14

XIV – Sûrat Ibrâhîm

[**Kabanata Ibrâhîm** – (Si Propeta) Abraham (عليه السلام)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-2. *Alif-Lãm-Râ.* Ang mga titik na ito ng Alpabetong '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.' Ang Qur'ân na ito ay Aklat na Aming ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), upang alisin mo sa pamamagitan nito ang mga tao mula sa pagkaligaw patungo sa gabay at liwanag sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa pamamagitan ng Kanyang gabay sa kanila tungo sa Islâm na ito ang Daan ng Allâh (ﷻ), na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan, na '***Al-Hameed***' – ang Nagmamay-ari ng lahat ng papuri, na pinupuri sa Kanyang mga katangian at sa Kanyang mga gawa sa lahat ng pagkakataon.

Ang Allâh (ﷻ) na Siyang Nagmamay-ari ng lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan, Nilikha Niya, Pagmamay-ari Niya at Pinapangasiwaan, na kung kaya, Siya lamang ang bukod-tangi na karapat-dapat sambahin. At walang pag-aalinlangan, matatamo ng mga walang pananampalataya ang kapahamakan at ang masidhing kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

3. At sila na tumanggi sa Tamang Paniniwala, na sila ay ang mga yaong pinili nila ang buhay sa daigdig na may hangganan at binalewala nila ang walang-hanggang buhay sa Kabilang-Buhay, at pinipigilan nila ang mga tao na sumunod sa '*Deen*' ng Allâh, at naghahangad sila na baluktutin ang Daan ng Katotohanan na sasang-ayon sa kanilang kagustuhan – ang mga yaong nagtataglay ng ganitong katangian ay nasa pagkaligaw na malayo sa katotohanan at sa lahat ng pamamaraan ng patnubay.

4. At wala Kaming ipinadala na Sugo na nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), kundi Sugo rin na katulad ng wika ng kanyang sambayanan; upang linawin sa kanila ang batas ng Allâh. Na kung kaya, inililigaw ng Allâh (ﷻ) ang sinuman na Kanyang nais mula sa patnubay at ginagabayan Niya ang sinuman na Kanyang nais tungo sa katotohanan. Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang Kaharian, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam na inilalagay Niya ang lahat ng bagay sa dapat nitong paglagyan ayon sa Kanyang karunungan.

5. At katiyakan na Aming ipinadala si Mousã (عليه السلام) tungo sa mga angkan ni Isrâ`îl at itinaguyod (sinuportahan) Namin siya sa pamamagitan ng mga himala na nagpapatunay ng kanyang pagiging totoo, at inutusan Namin siya na hikayatin sila tungo sa tamang paniniwala; upang sila ay maialis niya mula sa pagkaligaw tungo sa patnubay, at paalalahanan sila sa mga Biyaya ng Allâh at Kanyang mga kaparusahan na nangyari sa kanyang kapanahunan. Katotohanan, sa pagpapaalaalang ito ay mga palatandaan na magdudulot ng mga aral sa sinumang nagtitiis sa mga paghihirap at pagsubok sa oras ng kagipitan at tumatanaw ng utang na loob sa kaginhawaan at mga biyaya, at binanggit sila sa pagpapahayag na ito; dahil sila ang nagkakamit ng mga aral at hindi nila ito nakakalimutan.

6. At ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), sa iyong sambayanan ang kuwento hinggil kay Mousã (عليه السلام) noong kanyang sinabi sa mga angkan ni Isrâ`îl: "*Alalahanin ninyo ang biyaya ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo sa panahon na iniligtas kayo mula kay Fir`âwn at sa kanyang mga tagasunod na pinarusahan kayo ng matinding parusa*, *at pinapatay ang inyong mga anak na kalalakihan hanggang sa wala nang lilitaw mula sa kanila na mamumuno na siyang papalit sa kaharian ni Fir`âwn*, *at pinananatili naman nilang buhay na inaapi ang mga kababaihan at ang mga ipinapanganak na babae*; *at para sa inyo sa pagpapahirap na ito at inyong pagkaligtas ay malaking pagsubok na mula sa Allâh na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*."

7. At sinabi sa kanila ni Mousã: "*At alalahanin ninyo noong ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha nang may tiyak na pagkakapahayag*: *kapag kayo ay nagpasalamat sa Kanyang mga Biyaya ay katiyakan na daragdagan pa Niya ito sa inyo mula sa Kanyang Kagandahang-Loob*, *subali't kapag kayo ay tumanggi at binalewala ninyo ang Biyaya ng Allâh ay katiyakan ding paparusahan Niya kayo ng masidhing kaparusahan.*"

8. At sinabi sa kanila: "*Kung kayo ay hindi naniwala sa Allâh* (ﷻ), *kayo at ang lahat ng nasa ibabaw ng kalupaan*, *kailanman ay hindi ninyo mapipinsala ang Allâh* (ﷻ) *ng kahit na katiting*; *dahil katiyakang ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Ghanee***' *– Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan na hindi nangangailangan ng kahit na ano sa Kanyang mga nilikha*, *na Siya ang* '***Hameed***' *– Nagmamay-ari ng lahat ng papuri na Ganap na Pinupuri sa Kanyang mga katangian at sa Kanyang mga gawa sa lahat ng pagkakataon.*"

9. Hindi ba dumating sa inyo, O sambayanan ni Muhammad, ang kuwento ng mga naunang tao sa inyo, na sambayanan ni Nûh, sambayanan ni Hûd, sambayanan ni

Sâleh? At ang mga sambayanan na dumating pagkatapos nila? Walang sinuman ang nakabibilang sa kanila nang ganap dahil sa rami nila kundi ang Allâh (ﷻ). Dumating sa kanila ang mga Sugo na may dala-dalang malilinaw na mga katibayan, subali't kinagat nila ang kanilang mga kamay dahil sa tindi ng kanilang pagkapoot, pagmamataas at pagtanggi sa Tamang Paniniwala, at kanilang sinabi sa mga Sugo na ipinadala sa kanila: "*Katiyakang hindi namin pinaniniwalaan ang anumang dala-dala ninyo para sa amin*, *at katiyakang kami ay nasa pag-aalinlangan sa anumang inihihikayat ninyo sa amin tungo sa paniniwala at sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ), *na ito ay isang bagay na kaduda-duda*."

10. Sinabi sa kanila ng kanilang mga Sugo: "*Sa pagiging Allâh* (ﷻ) *ba ng Allâh* (ﷻ) *at bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya ay may pag-aalinlangan pa ba sa bagay na ito*, *samantalang Siya ang Lumikha ng mga kalangitan at kalupaan*, *at ito ay Kanyang ginawa mula sa wala na wala Siyang anumang pinagkunan o pinaggayahan? Na Siya ay naghihikayat sa inyo tungo sa tunay na paniniwala upang patawarin kayo mula sa inyong pagkakasala*, *at panatilihin dito sa daigdig hanggang sa Kanyang itinakdang hangganan na ito ay ang katapusan ng inyong buhay*, *na kayo ay hindi Niya paparusahan dito sa daigdig?*"

At kanilang sinabi sa kanilang Sugo: "*Kayo ay mga tao lamang na katulad din namin*, *na ang katangian ninyo ay hindi rin nakahihigit sa mga katangian namin para kayo ay maging karapat-dapat na mga Sugo! Nais lamang ninyo kaming alisin sa kung ano ang kinagawian na pagsamba ng aming mga ninuno sa mga rebulto at diyus-diyusan*, *kung gayon*, *magpakita kayo ng malinaw na katibayan para patunayan ang inyong mga sinasabi!*"

11. Nang marinig ng mga Sugo ang sinabi ng kanilang sambayanan ay sinabi nila sa kanila: "*Walang pag-aalinlangan*, *kami ay tao rin na katulad ninyo na tulad ng inyong inaangkin*, *Subali't ipinagkakaloob ng Allâh* (ﷻ) *ang Kanyang mga Biyaya sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin at pinipili Niya sila para magdala ng Kanyang mensahe. At ang hinihingi ninyong malinaw na katibayan ay hindi kami ang may karapatan na magpakita sa inyo maliban na lamang kung pahihintulutan ng Allâh at sa Kanyang pamamatnubay. At sa Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi ipinauubaya ng mga mananampalataya ang kanilang mga sarili sa lahat ng pangyayari sa kanila*."

12. At paano namin hindi ipauubaya ang aming mga sarili sa Allâh (ﷻ), samantalang Siya ang naggabay sa amin tungo sa kaligtasan mula sa Kanyang kaparusahan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntunin ng Kanyang '*Deen*?' At walang pag-aalinlangang titiisin namin ang anumang pang-aapi ninyo sa amin sa pamamagitan ng inyong mga masasamang salita, at sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi nararapat na ipagkatiwala ng mga mananampalataya ang kanilang mga sarili sa Kanyang tulong sa kanila at pagkapanalo nila laban sa kanilang mga kalaban.

13. At nagpasikip sa mga dibdib ng mga walang pananampalataya ang sinabi ng mga Sugo bilang pagkapoot, na kung kaya kanilang sinabi: "*Katiyakan*, *itataboy namin kayo mula sa aming bayan hanggang sa kayo ay babalik sa aming pananampalataya*." Na kung kaya, ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga Sugo: "*Walang pag-aalinlangang pupuksain ang mga hindi naniwala na tumanggi sa paniniwala sa Kanya at sa Kanyang mga Sugo*.

14. "*At walang pag-aalinlangan*, *gagawin Namin na mabuti ang hantungan ng mga Sugo at ng kanilang mga tagasunod*, *na sila ang hahalili na maninirahan sa lugar ng*

mga walang pananampalataya pagkatapos mapuksa ang mga ito, *ang pagpuksang ito sa mga walang pananampalataya at paghalili sa paninirahan ng mga mananampalataya sa kanilang mga lugar ay isang katiyakan para sa sinuman na natatakot sa kanyang pakikipagharap sa Akin sa Araw ng Muling Pagkabuhay*, *at natatakot sa Aking babala at kaparusahan*."

15. At itinuon ng mga Sugo ang kanilang mga sarili sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at hiningi nila ang pagkapanalo at tagumpay laban sa kanilang mga kaaway at ito ay dininig sa kanila; at napahamak ang lahat ng mga nagmataas na hindi tumanggap ng katotohanan at hindi nagpapasailalim (sa katotohanang) ito, at hindi naniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya.

16. Sa harapan niya na walang pananampalataya ay Impiyerno na siya ay doon paparusahan, at paiinumin ng kumukulong nana at dugo na lumalabas mula sa katawan ng mga nasa Impiyerno.

17. Pinipilit ng mapagmataas na lunukin ang kumukulong nana at dugo at iba pa na mula sa mga katawan ng nasa Impiyerno nang paulit-ulit, subali't magkakaroon sila ng masidhing kahirapan na lunukin ito dahil sa rumi, init at pait nito, at darating sa kanya ang napakahirap na kaparusahan na iba't ibang uri at maging sa buong bahagi ng kanyang katawan, na siya ay hindi mamamatay upang makapagpahinga, at para pa rin sa kanya pagkatapos ng parusang ito ay isa pang muli na masidhing kaparusahan at ito ay magpapatuloy magpasawalang-hanggan.

18. Ang paghahambing sa mga gawain ng mga walang pananampalataya rito sa daigdig na kabutihan at pakikipag-ugnayan sa mga kamag-anak ay katulad ng alikabok na hinipan ng napakalakas na hangin sa araw na masama ang panahon, na kung kaya, walang anumang bakas na naiwan; samakatuwid, ganoon ang kanilang mga mababuting gawain na wala silang matatagpuan mula roon na anumang kapaki-pakinabang sa kanila sa pagharap nila sa Allâh (ﷻ) dahil katiyakang napawalang-bisa ito dahil sa kanilang hindi paniniwala na katulad ng nangyari sa mga alikabok na hinipan ng malakas na hangin, at ganoon ang pagsisikap at gawain na walang pundasyon, at ito ang pagkaligaw na napakalayo mula sa Matuwid na Landas.



19. Hindi mo ba nakikita, ikaw O Tao, na ang Allâh (ﷻ) ang katiyakang lumikha ng mga kalangitan at ng kalupaan sa tamang paglikha na nagpapatunay ng Kanyang Karunungan, at katiyakang hindi Niya nilikha ang dalawang ito nang walang kadahilanan, kundi ito ay upang magpatunay sa Kanyang Kaisahan at kabuuan ng Kanyang Kapangyarihan, upang Siya ay sambahin nila nang bukod-tangi at hindi sila sasamba ng anuman bilang Kanyang katambal? Kung gugustuhin Niya ay aalisin kayong lahat at papalitan kayo ng ibang mga tao na higit na sumusunod sa Kanya kaysa inyo.

20. At ang paglipol sa inyong lahat at pagpalit sa inyo ng iba ay hindi mahirap sa Allâh (ﷻ), kundi ito ay napakadali lamang.

21. At lilitaw ang lahat ng tao mula sa kanilang mga libingan sa Araw ng Muling Pagkabuhay upang humarap sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi at Tagapagkontrol ng lahat; upang sila ay hukuman, at sasabihin ng mga tagasunod sa kanilang mga pinuno: "*Katiyakang kami ay tagasunod lamang ninyo sa daigdig*, *ginagawa lamang namin ang ipinag-uutos ninyo*, *na kung kaya*, *maaari ba ninyo kaming iligtas at ipagtanggol mula sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ) *na katulad ng inyong ipinangako sa amin*?" Sasabihin ng mga namuno: "*Kung ginabayan lamang kami ng Allâh tungo sa Tamang Paniniwala ay gagabayan din namin kayo*, *subali't hindi Niya kami ginabayan*, *kaya kami ay naligaw at iniligaw namin kayo*, *na kung kaya*, *pareho lamang sa amin kung kayo ay mapopoot o magtitiis*, *na wala na tayong magagawa pa upang takasan ang parusa at hindi na tayo maliligtas pa*."

22. At sasabihin ni '*Shaytân*' pagkatapos hukuman ng Allâh (ﷻ) at papagbayarin ang mga tao, at nakapasok na sa Hardin ('*Al-Jannah*') ang mga taga-Hardin at sa Impiyerno ang mga taga-Impiyerno: "*Walang pag-aalinlangang pinangakuan kayo ng Allâh ng tunay na pangako ng Pagkabuhay na Mag-uli at Paghuhukom*, *at*

pinangakuan ko naman kayo ng hindi totoong pangako na aking sinasabi na katiyakang walang Pagkabuhay na Mag-uli at Paghuhukom, *at ipinagkanulo ko kayo. Wala akong kapangyarihan na pilitin kayong sumunod sa akin at wala rin akong katibayan kundi paghihikayat lamang tungo sa pagtanggi at hindi paniniwala at pagkaligaw*, *subali't tumugon naman kayo sa panlilinlang kong panawagan. Na kung kaya*, *huwag ninyo akong sisihin kundi ang sisihin ninyo ay ang inyong mga sarili*, *dahil ang pagkakasala ay sa inyo.*

"*Hindi ko kayo matutulungan ni kayo ay hindi rin ninyo ako matutulungang mailigtas mula sa kaparusahan ng Allâh*. *Na kung kaya*, *walang pag-aalinlangang tinanggihan ko ang anumang pagturing ninyo sa akin na katambal ng Allâh sa pamamagitan ng pagsunod ninyo sa akin sa daigdig. Katiyakang ang mga masasama*, *sa kanilang pagtalikod sa katotohanan at pagsunod sa kamalian ay para sa kanila ang masidhing kaparusahan.*"

23. At papapasukin ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo na gumawa ng mga mababuting gawa sa mga Hardin ('*Al-Jannah*') na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno at mga palasyo nito, at sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, sa Kapahintulutan ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang Kapangyarihan at Lakas, at mamumuhay sila roon nang may kapayapaan mula sa Allâh (ﷻ) na kasama ang Kanyang mga anghel at mga mananampalataya.

24. Hindi mo ba nakikita, O Muhammad (ﷺ), kung paanong nagbigay ang Allâh (ﷻ) ng parabola (halimbawa)? Isang mabuting salita na ito ay patungkol sa '*Kalimatu Tawheed*' – Kaisahan ng Allâh (ﷻ) – ay katulad ng isang mabuting puno na ito ay puno ng palmera ng '*Thamr*' o datiles na ang ugat nito ay mahigpit na kumakapit sa kalupaan at ang sanga nito ay matataas na patungo sa kalangitan?

الجزء الثالث عشر سورة ابراهيم

تؤتي أكلها كل حين بإذن ربها ۗ ويضرب الله الأمثال
للناس لعلهم يتذكرون ﴿٢٥﴾ ومثل كلمة خبيثة
كشجرة خبيثة اجتثت من فوق الأرض ما لها من قرار
﴿٢٦﴾ يثبت الله الذين ءامنوا بالقول الثابت في الحيوة
الدنيا وفي الآخرة ۖ ويضل الله الظالمين ۚ ويفعل
الله ما يشاء ﴿٢٧﴾ ۞ ألم تر إلى الذين بدلوا نعمت الله كفرا
وأحلوا قومهم دار البوار ﴿٢٨﴾ جهنم يصلونها ۖ وبئس
القرار ﴿٢٩﴾ وجعلوا لله أندادا ليضلوا عن سبيله ۗ قل
تمتعوا فإن مصيركم إلى النار ﴿٣٠﴾ قل لعبادي الذين
ءامنوا يقيموا الصلوة وينفقوا مما رزقنهم سرا وعلانية
من قبل أن يأتي يوم لا بيع فيه ولا خلل ﴿٣١﴾ الله الذي خلق
السمون والأرض وأنزل من السماء ماء فأخرج
به من الثمرت رزقا لكم ۖ وسخر لكم الفلك لتجري
في البحر بأمره ۖ وسخر لكم الأنهر ﴿٣٢﴾ وسخر لكم
الشمس والقمر دائبين ۖ وسخر لكم الليل والنهار ﴿٣٣﴾

25. Na nagbibigay ito ng bunga sa lahat ng pagkakataon sa Kagustuhan ng '*Rabb*' nito at gayundin ang puno ng pananampalataya na kumapit ang ugat nito sa puso ng mananampalataya nang buong kaalaman at paniniwala, at ang sanga nito ay mga mabubuting gawa at kalugud-lugod na pag-uugali na umaangat patungo sa Allâh (ﷻ) na nakakamtan ang gantimpala nito sa bawa't sandali. At nagbigay ng halimbawa ang Allâh (ﷻ) sa sangkatauhan; upang sila ay makaalaala at makakuha ng mga aral.

26. At ang parabola (o paghahambing) ng masamang salita – '*kalimatul kufri*,' na ito ay salita ng paglabag sa Allâh – ay katulad ng masamang puno, na masama ang pinagmulan nito at masama rin ang bunga nito na katulad ng puno ng '*handhal*' (isang napakapait at walang amoy na halaman) na nabubunot sa ibabaw ng kalupaan dahil ang mga ugat nito ay halos nasa ibabaw lamang at wala itong matatag na pundasyon at wala rin itong mahahabang sanga, at gayundin ang mga walang pananampalataya ay hindi matatag at walang mapapalang kabutihan, at walang anuman sa mabuting gawa niya ang tatanggapin ng Allâh (ﷻ).

27. Pinatatatag ng Allâh (ﷻ) ang mga yaong naniwala sa pamamagitan ng matibay na salitang katotohanan, na ito ay ang pagtestigo ng – '*Lâ i-lâ-ha il-lal-lâh*' – walang sinumang '*ilâh*' (diyos na sinasamba) o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat na sambahin kundi ang Allâh (ﷻ), at walang pag-aalinlangang si Muhammad (ﷺ) ay Sugo ng Allâh at ang anuman na kanyang dala-dala na '*Deen*' ay katotohanan; na sa pamamagitan ng '*Deen*' na ito ay patatatagin sila ng Allâh (ﷻ) dito sa buhay sa daigdig, at sa oras ng kanilang kamatayan sa pamamagitan ng mabuting pagtatapos, at ganoon din sa libingan ay gagabayan sila ng tamang pagsagot sa katanungan ng dalawang anghel.

At inililigaw ng Allâh (ﷻ) ang masasama upang sila ay mapalayo sa katotohanan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at ipinatutupad ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang nais na

patnubay sa mga naniwala at pagpapahamak naman sa mga walang pananampalataya at lumabag.

28-29. Hindi mo ba nakikita – O tao – ang katayuan ng mga nagpasinungaling mula sa mga walang pananampalataya na mga Quraysh na sa halip na sila ay magpasalamat sa Biyaya na kapayapaan na ipinagkaloob sa kanila sa '*Haram*' – Makkah – at pagpapadala sa Propeta na si Propeta Muhammad (ﷺ) ay paglabag ang kanilang ginawa? At katiyakang inilagay nila sa pagkawasak sa Impiyerno ang kanilang mga tagasunod noong Labanan sa Badr na sila ay papasok doon – Impiyerno – at sila ay susunugin doon at malalasap nila ang init nito at ito ang pinakamasamang patutunguhan.

30. At sila na mga walang pananampalataya ay naglagay ng mga katambal sa pagsamba bilang kasama (o katambal) ng Allâh; upang mailayo nila ang mga tao mula sa Relihiyon o '*Deen*' ng Allâh. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Magpakasarap na kayo rito sa daigdig*; *dahil ito sa katotohanan ay maglalaho at may hangganan*, *at katiyakang ang patutunguhan ninyo ay masidhing kaparusahan sa Impiyernong-Apoy.*"

31. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa aking mga alipin na naniwala na isagawa nila ang '*Salâh*' sa tamang pamamaraan nito, at gugulin nila ang ilan sa mga ipinagkaloob Namin sa kanila na kayamanan sa mga daan ng kabutihan, ilihim man nila ito o ilantad, bago dumating ang Araw ng Muling Pagkabuhay na roon ay magiging wala nang saysay ang anumang pantubos o anumang kawanggawa.

32. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at Nilikha Niya ang mga bagay na ito mula sa wala, at nagpababa ng ulan mula sa ulap na sa pamamagitan nito ay nabubuhay ang kalupaan pagkatapos nitong mamatay (matuyot), at nagpasibol mula rito para sa inyo ng inyong ikabubuhay, at ginawa Niyang madali para sa inyo ang paglayag ng sasakyang-pandagat; na ito ay lumalayag sa karagatan ayon sa Kanyang Pag-aatas para sa inyong kapakinabangan, at ginawa rin Niya para sa inyong kapakinabangan ang mga ilog para inyong maging inumin at para sa mga hayop na inyong mga inaalagaan at ang inyong mga pananim at sa lahat ng inyong mga pangangailangan.

33. At ginawa ng Allâh (ﷻ) para sa inyong kapakinabangan ang araw at ang buwan na hindi tumitigil ang dalawang ito sa kanilang pag-inog; upang maisakatuparan ang kapakinabangan na nagmumula rito at ginawa rin Niya para sa inyo ang kapakinabangan ng gabi; upang kayo ay makapagpahinga, at gayundin ang araw; upang kayo ay makahanap ng anumang inyong ikabubuhay mula sa Allâh (ﷻ) at itaguyod ang inyong kabuhayan.

34. At ipinagkaloob sa inyo ang lahat ng inyong mga kahilingan, at kahit bilangin pa ninyo ang lahat ng mga Biyaya ng Allâh (ﷻ) na ipinagkaloob sa inyo ay hindi kayo magkakaroon ng kakayahan na mabilang ang mga ito; dahil sa rami at iba't ibang uri nito. Katiyakang ang tao ay napakarami ang kanyang pamiminsala at pang-aapi sa kanyang sarili, at marami ang kanyang ginawang pagtanggi at hindi pagpapa-halaga sa mga Biyaya ng Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

35. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام) bilang panalangin sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, pagkatapos niyang patirahin ang kanyang anak na si Ismâ`il (عليه السلام) at ang ina nito sa lambak ng Makkah: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Gawin Mo ang Makkah na mapayapang bayan at sanhiin Mo na mamuhay nang mapayapa at nasa katiwasayan ang sinumang maninirahan sa lugar na ito*, *at ilayo Mo ako at ang aking mga anak mula sa pagsamba ng mga diyus-diyusan.*

36. "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katiyakan*, *ang mga diyus-diyusan ay siyang naging dahilan sa paglayo ng maraming tao mula sa Daan ng Katotohanan*, *na kung kaya*, *sinuman ang susunod sa akin sa pagsamba sa Iyong Kaisahan ay mapapabilang siya sa sumusunod sa aking* '*Deen*' *at aking pamamaraan*, *at sinuman ang lalabag sa akin sa pamamagitan ng pagsagawa ng masama bukod sa kasalanang* '*Shirk*' *ay walang pag-aalinlangan*, *Ikaw ang* '***Ghafour***' *– Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng mga makasalanan dahil sa Iyong Kagandahang-Loob*, *na* '***Raheem***' *– Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila*, *na pinatatawad Mo ang sinuman na Iyong nais mula sa kanila*.

37. "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katiyakan pinatira ko ang ilan sa aking pamilya sa lambak na walang anumang tumutubong pananim at anumang tubig*, *na nasa tabi ng Iyong Banal na Tahanan* (*ang Ka`bah sa Makkah*), *O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *katiyakang isinagawa ko ito dahil sa Iyong Kautusan*, *upang*

maisagawa nila ang pagsa-'Salâh' sa tamang kaparaanan nito, *na kung kaya*, *hinihiling ko na mapalapit sa mga puso ng mga tao ang lugar na ito at aasamin nilang makarating sa lugar na ito*, *at pagkalooban Mo sila sa lugar na ito ng iba't ibang uri ng mga bunga* (*kabuhayan*): *upang sila ay tumanaw ng utang na loob sa Iyo dahil sa Iyong mga dakilang biyaya*." At dininig ng Allâh (ﷻ) sa kanya ang panalanging ito.

38. "*O aming 'Rabb' na Tagapaglikha! Katiyakan*, *batid Mo kung anuman ang aming kinikimkim sa aming mga kalooban at kung anuman ang aming inilalantad. At walang anuman ang maililihim sa Iyong Kaalaman na anumang bagay na nasa kalupaan at gayundin sa mga kalangitan.*"

39. Pumuri si Ibrâhim (عليه السلام) sa Allâh (ﷻ) at kanyang sinabi: "*Ang papuri ay sa Allâh* (ﷻ) *lamang na Siyang nagkaloob sa akin*, *kahit ako ay nasa katandaan na*, *ng mga anak na si Ismâ`il* (عليه السلام) *at si Ishâq* (عليه السلام), *pagkatapos kong manalangin na pagkalooban Niya ako ng pamilya na kabilang sa mga mababuti. Katiyakan*, *ang aking 'Rabb' ay dinirinig Niya ang panalangin mula sa sinumang nananalangin at walang pag-aalinlangang nanalangin ako sa Kanya at kailanman ay hindi Niya ako binigo.*"

40. "*O aking 'Rabb' na Tagapaglikha! Gawin Mo ako na nagsasagawa ng 'Salâh' at ganoon din sa aking pamilya na patuloy na magsasagawa nito*, *O aming 'Rabb' na Tagapaglikha! Dinggin Mo ang aking panalangin at tanggapin Mo ang aking pagsamba.*"

41. "*O aming 'Rabb' na Tagapaglikha! Patawarin Mo ako sa anumang nagawa kong pagkakamali na hindi maiiwasan ng sinumang tao at patawarin mo ang aking mga magulang* (*na ito ay bago niya napatunayan na ang kanyang ama ay kabilang sa kalaban ng Allâh*) *at patawarin Mo ang lahat ng mga mananampalataya sa Araw na ang mga tao ay haharap para sa paghuhukom at pagbabayad*."

42. At huwag mong isipin kailanman, O Muhammad (ﷺ), na ang Allâh (ﷻ) ay nakaliligtaan Niya ang ginagawa ng mga masasama na pagpapasinungaling sa iyo at sa iba pang mga Sugo at sa kanilang paninira sa mga mananampalataya; at sa iba pang mga kasalanan na kanilang ginagawa, dahil katiyakang inantala lamang ang pagpaparusa sa kanila hanggang sa pagdating ng matinding Araw (Araw ng Muling Pagkabuhay) na kung saan doon ay didilat ang kanilang mga mata; dahil sa makikita nilang kakila-kilabot na pangyayari. At ito ay bilang pampalubag-loob kay Propeta Muhammad (ﷺ).

الجزء الثالث عشر سورة ابراهيم
مُهْطِعِينَ مُقْنِعِي رُءُوسِهِمْ لَا يَرْتَدُّ إِلَيْهِمْ طَرْفُهُمْ ۖ وَأَفْئِدَتُهُمْ
هَوَاءٌ ﴿٤٣﴾ وَأَنذِرِ النَّاسَ يَوْمَ يَأْتِيهِمُ الْعَذَابُ فَيَقُولُ الَّذِينَ
ظَلَمُوا رَبَّنَا أَخِّرْنَا إِلَىٰ أَجَلٍ قَرِيبٍ نُّجِبْ دَعْوَتَكَ وَنَتَّبِعِ
الرُّسُلَ ۗ أَوَلَمْ تَكُونُوا أَقْسَمْتُم مِّن قَبْلُ مَا لَكُم
مِّن زَوَالٍ ﴿٤٤﴾ وَسَكَنتُمْ فِي مَسَاكِنِ الَّذِينَ ظَلَمُوا
أَنفُسَهُمْ وَتَبَيَّنَ لَكُمْ كَيْفَ فَعَلْنَا بِهِمْ وَضَرَبْنَا
لَكُمُ الْأَمْثَالَ ﴿٤٥﴾ وَقَدْ مَكَرُوا مَكْرَهُمْ وَعِندَ اللَّهِ
مَكْرُهُمْ وَإِن كَانَ مَكْرُهُمْ لِتَزُولَ مِنْهُ الْجِبَالُ
﴿٤٦﴾ فَلَا تَحْسَبَنَّ اللَّهَ مُخْلِفَ وَعْدِهِ رُسُلَهُ ۚ إِنَّ اللَّهَ عَزِيزٌ
ذُو انتِقَامٍ ﴿٤٧﴾ يَوْمَ تُبَدَّلُ الْأَرْضُ غَيْرَ الْأَرْضِ وَالسَّمَاوَاتُ
وَبَرَزُوا لِلَّهِ الْوَاحِدِ الْقَهَّارِ ﴿٤٨﴾ وَتَرَى الْمُجْرِمِينَ يَوْمَئِذٍ
مُّقَرَّنِينَ فِي الْأَصْفَادِ ﴿٤٩﴾ سَرَابِيلُهُم مِّن قَطِرَانٍ وَتَغْشَىٰ
وُجُوهَهُمُ النَّارُ ﴿٥٠﴾ لِيَجْزِيَ اللَّهُ كُلَّ نَفْسٍ مَّا كَسَبَتْ ۚ
إِنَّ اللَّهَ سَرِيعُ الْحِسَابِ ﴿٥١﴾ هَٰذَا بَلَاغٌ لِّلنَّاسِ وَلِيُنذَرُوا
بِهِ وَلِيَعْلَمُوا أَنَّمَا هُوَ إِلَٰهٌ وَاحِدٌ وَلِيَذَّكَّرَ أُولُو الْأَلْبَابِ ﴿٥٢﴾

43. Sa Araw na bubuhayin na mag-uli ang mga masasama, na sila ay tatayo mula sa kanilang mga libingan na nagmamadali upang tugunan ang panawagan ng tagapagpanawagan, na nakatingala ang kanilang mga ulo na parang wala silang anumang nakikita at hindi nila ikukurap ang kanilang mga mata at hindi nila ito ititingin sa kanilang mga sarili dahil sa sidhi ng pangyayari, at ang kanilang mga puso ay parang walang nilalaman dahil sa tindi ng kanilang pagkatakot sa kagimbal-gimbal na pangyayari na kanilang nasasaksihan.

44. At balaan mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga tao na kung saan sa kanila ikaw ay ipinadala, sila ay balaan mo hinggil sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at doon ay sasabihin ng mga masasama na dinaya nila ang kanilang mga sarili dahil sa kanilang ginawang paglabag: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Iantala Mo kami at bigyan Mo kami ng palugit upang kami ay maniwala sa Iyo at maniwala sa Iyong mga Sugo*." Subali't sasabihin sa kanila bilang pagpapahiya sa kanila: "*Hindi ba kayo sumumpa noong kayo ay nabubuhay pa*, *na kayo ay mananatili sa daigdig at hindi kayo mawawala roon patungo sa Kabilang-Buhay*, *at hindi ninyo pinaniniwalaan ang Pagkabuhay na Mag-uli?*

45. "*At kayo ang nanirahan* (*humalili*) *sa lugar ng mga walang pananampalataya na nauna kaysa inyo*, *na dinaya nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng paglabag sa Allâh na katulad ng sambayanan nina Hûd at Sâleh*, *at ito ay malinaw sa inyo dahil sa ikinuwento sa inyo ang ginawa Naming pagwasak sa kanila*, *at nagbigay pa Kami ng mga halimbawa sa Dakilang Qur'ân subali't kayo ay hindi natuto* (*hindi ito nagkaroon ng aral sa inyo*)*?*"

46. At katiyakan, nagpakana ng masasamang pakana laban sa Sugo ng Allâh ang mga '*Mushrikûn*' – nagtatambal sa pagsamba o sumasamba ng iba bukod sa Allâh – upang siya ay patayin, subali't nasa pagtatangan ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga pakana at Siya ang Ganap na Nakaaalam hinggil sa kanila, at katiyakang bumalik sa kanila ang kanilang pakana, ni ang kanilang pakana ay hindi man lamang mag-aalis sa mga

bundok sa kinalalagyan nito, ni kahit na katiting na pag-urong at kailanman ay hindi ito mangyayari o kahit na mas mahina pa kaysa bundok; dahil sa ito (ang mga itinatambal nila sa pagsamba sa Allâh ay napakahina sa paningin ng Allâh ﷻ). At kailanman ay hindi nila mapipinsala ang Allâh (ﷻ) ng kahit na anumang bagay subali't ang kanilang pininsala ay ang kanilang mga sarili lamang.

47. Na kung kaya, huwag mong isipin, O Muhammad (ﷺ), na hindi tutuparin ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang pangako sa Kanyang Sugo na tagumpay at pagkapanalo, at pagkawasak ng sinumang hindi naniwala sa kanila (na mga Sugo). Walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang '***`Azeezun Dhun Tiqâm***' – Napakadakila sa Kanyang Kapangyarihan at walang sinuman ang makapipigil sa Kanya, at gagantihan Niya ang mga kumalaban sa Kanya ng matinding paghihiganti.

48. At ang paghihiganti ng Allâh (ﷻ) sa mga kumakalaban sa Kanya sa Araw ng Muling Pagkabuhay na kung saan sa Araw na yaon ay papalitan Niya ang kalupaang ito ng ibang kalupaan na maputing-maputi na napakalinis na kasimputi ng pilak, at maging ang mga kalangitan ay papalitan (din) Niya ng panibagong kalangitan, at palilitawin Niya ang mga tao mula sa kanilang mga libingan na mga buhay upang sila ay humarap sa Allâh (ﷻ) na '***Al-Wâhid***' – ang Bukod-Tangi at Nag-iisa, na Siyang '***Al-Qahhar***' – ang Kumukontrol at Nangingibabaw sa lahat ng bagay, na Bukod-Tangi sa Kanyang Kadakilaan, sa Kanyang mga Pangalan, sa Kanyang mga Katangian, at sa Kanyang mga Gawain; at ang Kanyang Ganap na Pangingibabaw ay sa lahat ng bagay.

49. At makikita mo, O Muhammad (ﷺ), ang masasama sa Araw ng Muling Pagkabuhay na sila ay nakakadena, na pinagsamang nakakadena ang kanilang mga kamay at mga paa, na sila ay nasa pagkawasak at pagkahamak.

50. At ang kanilang mga kasuotan ay mula sa lusaw na alkitran na matindi ang paglalagablab nito at natatabunan ang kanilang mga mukha ng apoy na sinusunog ang mga ito.

51. Ginawa ito ng Allâh (ﷻ) sa kanila; bilang kabayaran sa kanila sa anumang nagawa nilang mga kasalanan dito sa daigdig, at ang Allâh (ﷻ) ay ginagantihan Niya ang lahat ng tao ayon sa kanyang gawa, mabuti man o masama. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Saree`ul Hisâb***' – Napakabilis ng Kanyang Pagtutuos.

52. Ang Dakilang Qur'ân na Aming ibinaba sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ay bilang paunang pagpapaalaala at babala sa mga tao; upang sila ay mapayuhan at mabalaan, nang sa gayon ay maniwala sila sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi na karapat-dapat na sambahin at sasambahin nila ang Allâh (ﷻ) nang bukod-tangi na walang katambal, at upang makaalaala at makakuha ng aral ang mga taong pinagkalooban o nagmamay-ari ng mga matitinong kaisipan.

سورة الحجر 15

XV – Sûrat Al-Hijr

[**Kabanata Al-Hijr** – Mga Malalaking Bato na Gabundok o mga Batong Bundok]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Alif-Lãm-Râ*. Ang mga titik na ito ng Alpabetong '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.' Ito ay mga dakilang talata ng dakilang Aklat na ibinaba kay Muhammad (ﷺ), na ito ay mga talata ng Qur'ân na naglilinaw sa katotohanan sa pinakamagandang pagkakapahayag at ganap na maliwanag sa pagbibigay ng kahulugan nito. Ang Aklat ay ang Dakilang Qur'ân na kung saan pinagsama ng Allâh (ﷻ) (sa Kasulatang) ito ang dalawang pangalan – '*Kitâb*' at Qur'ân.

2. Walang pag-aalinlangan, aasamin ng mga walang pananampalataya kapag nakita na nila ang paglabas ng mga makasalanan na mga mananampalataya mula sa Impiyernong-Apoy, aasamin nila na sana ay naging mga Muslim sila na sumamba sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) upang sila ay makalabas din na tulad ng mga nagsilabas.

3. Pabayaan mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga lumabag na walang pananampalataya na kumain at magpakasaya sa kanilang buhay, at hayaan silang maging abala sa maling pag-aakala at malinlang ng kanilang walang kakuntentuhan na pagnanasa, na mapalayo mula sa pagsunod sa Allâh (ﷻ), dahil walang pag-aalinlangang di-maglalaon ay mababatid nila ang bunga ng kanilang ginawa na pagkatalo rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

4. Kapag hiniling nila na mangyari sa kanila ang kaparusahan bilang pagpapasinungaling sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ay walang pag-aalinlangang hindi Namin winawasak ang isang bayan kundi batay sa pagkakatakda nito, at hindi Namin sila wawasakin hangga't hindi dumarating sa kanila ang pagkakatakda na pagkawasak.

5. Kailanman ay hindi maipauuna (maipasusulong o maipauusad) ng isang sambayanan ang anumang nakatakda at hindi rin ito kailanman maaantala.

6-7. At sinabi ng mga hindi naniwala kay Propeta Muhammad bilang pangungutya: "*O ikaw na pinagpahayagan ng Qur'ân! Katiyakang ikaw ay may kakulangan sa kaisipan! Bakit hindi mo dalhin sa amin ang mga anghel – kung ikaw ay totoo*; *– upang tumestigo sila na ang Allâh ang Siyang tunay na nagpadala sa iyo?*"

8. At sinagot sila ng Allâh (ﷻ): "*Walang pag-aalinlangan! Hindi Namin ibinababa ang mga anghel maliban sa pagpaparusang hindi maiaantala sa sinumang hindi naniwala*, *na kung kaya*, *kapag bumaba ang mga anghel upang magparusa ay hindi sila bibigyan ng kahit na kaunting palugit*."

9. Walang pag-aalinlangan, Kami ang nagbaba ng Qur'ân kay Propeta Muhammad at walang pag-aalinlangan na Kami rin ang patuloy na mangangalaga nito mula sa pagdaragdag o pagbabawas, o sa anumang kasiraan.

10-11. At katiyakan, nagpadala Kami ng mga Sugo na nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), tungo sa iba't ibang bayan ng mga naunang tao, subali't walang sinumang Sugo ang dumating sa kanila nang hindi nakatanggap ng pangungutya.

At ito ay bilang pampalubag-loob kay Propeta Muhammad (ﷺ). Na kung anuman ang ginawa sa iyo ng mga '*Mushrikûn*' ay ganoon din ang ginawa sa mga nauna sa iyo na mga Sugo.

12-13. Kung paano Namin sinanhi sa kalooban ng mga kriminal mula sa mga naunang tao na sila ay lalabag sa pamamagitan ng pangungutya nila sa mga Sugo at pagpapasinungaling sa kanila, ay ganoon din Namin ginawa sa kalooban ng mga hindi naniwala mula sa iyong sambayanan, na sila ay naging masasama dahil sa kanilang pagtanggi sa Allâh (ﷻ) at pagpapasinungaling sa Kanyang Sugo, na hindi nila pinaniwalaan ang paalaala na ipinahayag sa iyo.

At walang pag-aalinlangan, nakalipas na ang pangyayari na pagkawasak sa mga naunang tao na walang pananampalataya at katulad din sila (ng mga taga-Makkah na

walang pananampalataya),[50] na kung kaya, wawasakin din sila dahil sa kanilang pagpapasinungaling at pagtanggi.

14-15. At kahit na buksan pa Namin para sa kanila na mga hindi naniwala na taga-Makkah ang mga pintuan ng kalangitan at patuloy sila na umakyat doon hanggang sa makita nila ang mga anghel, subali't magkagayunpaman ay hindi pa rin sila maniniwala, at sasabihin nila:

"*Nilinlang lamang ang aming mga mata na iniisip namin na ang nakikita namin ay mga anghel*, *at walang nangyayari sa amin kundi naapektuhan lamang kami ng salamangka sa aming kaisipan na nagmula kay Muhammad* (ﷺ)."

[50]Ito ay patungkol sa mga walang pananampalataya noon.

الجزء الرابع عشر سورة الحجر

وَلَقَدْ جَعَلْنَا فِي السَّمَاءِ بُرُوجًا وَزَيَّنَّاهَا لِلنَّاظِرِينَ ﴿١٦﴾
وَحَفِظْنَاهَا مِن كُلِّ شَيْطَانٍ رَّجِيمٍ ﴿١٧﴾ إِلَّا مَنِ اسْتَرَقَ السَّمْعَ
فَأَتْبَعَهُ شِهَابٌ مُّبِينٌ ﴿١٨﴾ وَالْأَرْضَ مَدَدْنَاهَا وَأَلْقَيْنَا فِيهَا
رَوَاسِيَ وَأَنبَتْنَا فِيهَا مِن كُلِّ شَيْءٍ مَّوْزُونٍ ﴿١٩﴾ وَجَعَلْنَا لَكُمْ فِيهَا
مَعَايِشَ وَمَن لَّسْتُمْ لَهُ بِرَازِقِينَ ﴿٢٠﴾ وَإِن مِّن شَيْءٍ إِلَّا عِندَنَا
خَزَائِنُهُ وَمَا نُنَزِّلُهُ إِلَّا بِقَدَرٍ مَّعْلُومٍ ﴿٢١﴾ وَأَرْسَلْنَا الرِّيَاحَ
لَوَاقِحَ فَأَنزَلْنَا مِنَ السَّمَاءِ مَاءً فَأَسْقَيْنَاكُمُوهُ وَمَا أَنتُمْ لَهُ
بِخَازِنِينَ ﴿٢٢﴾ وَإِنَّا لَنَحْنُ نُحْيِي وَنُمِيتُ وَنَحْنُ الْوَارِثُونَ ﴿٢٣﴾
وَلَقَدْ عَلِمْنَا الْمُسْتَقْدِمِينَ مِنكُمْ وَلَقَدْ عَلِمْنَا الْمُسْتَأْخِرِينَ ﴿٢٤﴾
وَإِنَّ رَبَّكَ هُوَ يَحْشُرُهُمْ إِنَّهُ حَكِيمٌ عَلِيمٌ ﴿٢٥﴾ وَلَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنسَانَ
مِن صَلْصَالٍ مِّنْ حَمَإٍ مَّسْنُونٍ ﴿٢٦﴾ وَالْجَانَّ خَلَقْنَاهُ مِن قَبْلُ مِن نَّارِ
السَّمُومِ ﴿٢٧﴾ وَإِذْ قَالَ رَبُّكَ لِلْمَلَائِكَةِ إِنِّي خَالِقٌ بَشَرًا مِّن
صَلْصَالٍ مِّنْ حَمَإٍ مَّسْنُونٍ ﴿٢٨﴾ فَإِذَا سَوَّيْتُهُ وَنَفَخْتُ فِيهِ مِن
رُّوحِي فَقَعُوا لَهُ سَاجِدِينَ ﴿٢٩﴾ فَسَجَدَ الْمَلَائِكَةُ كُلُّهُمْ
أَجْمَعُونَ ﴿٣٠﴾ إِلَّا إِبْلِيسَ أَبَىٰ أَن يَكُونَ مَعَ السَّاجِدِينَ ﴿٣١﴾

16. At bilang patunay sa Aming kapangyarihan: Katiyakan, nagsagawa Kami sa mababang kalangitan bilang lugar para sa mga dakilang bituin na kung saan doon namamalagi ang mga ito, at ang mga ito ay bilang gabay sa mga nanlalakbay (sa gabi) at pag-aalam sa mga panahon na tulad ng panahon ng tagtuyot at tagsagana, at pinalamutian Namin ang mga kalangitan ng mga bituin na makikita para sa sinumang magmamasid nito, at sa sinumang nagninilay-nilay hinggil dito upang mapagkunan ito ng aral.

17. At ito rin ay proteksyon sa kalangitan mula sa lahat ng isinumpang ‘*Shaytân*’ na inilayo sa awa ng Allâh; nang sa gayon ay hindi sila makapunta roon.

18. Maliban sa kanya (‘*Shaytân*’) na paminsan-minsan ay nakananakaw ng mga salita na pinag-uusapan ng mga naninirahan sa kalangitan, pagkatapos siya (‘*Shaytân*’) ay tinutugis ng isang bituin na nakasisilaw na ito ay parang apoy na nakasusunog (na tinatawag na bulalakaw). At maaaring maipaabot muna ng ‘*Shaytân*’ sa kanyang kaibigan (na tao na tulad halimbawa ng manghuhula) ang ilan sa kanyang nanakaw (na impormasyon) bago siya tuluyang masunog noong nakasisilaw na liwanag.

19. At pinalawak Namin ang kalupaan at naglagay Kami ng mga matatag na kabundukan upang ito ay hindi yumanig, at nagpatubo Kami mula rito ng iba’t ibang uri ng mga pananim na kung saan ay itinakda ayon sa pangangailangan ng mga alipin.

20. At nagkaloob Kami para sa inyo mula rito ng anumang pinagmumulan ng inyong ikabubuhay na tulad ng mga mina o mahahalagang bato at iba pa. At lumikha Kami para sa inyo ng inyong pamilya, mga tagapagsilbi at mga hayop na napapakinabangan ninyo, at ang kabuhayan ng mga ito ay hindi nagmumula sa inyo at hindi kayo ang

nagkakaloob nito kundi ito ay mula sa Allâh (ﷻ) para sa lahat ng Kanyang mga nilalang bilang Kanyang kagandahang-loob at pagpaparangal.

21. At walang anumang bagay ang napapakinabangan ng mga alipin kundi ito ay nasa Aming lahat na nakaimbak, at hindi Kami nagbababa kundi ayon sa karapat-dapat na rami at sukat, batay sa kung papaano at kung ano ang Aming nais, at ang mga imbakan na ito ay Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) na ipinagkakaloob Niya sa sinuman na Kanyang nais at pinagkakaitan Niya ang sinuman na Kanyang nais, ayon sa Kanyang malawak na Awa at walang-hanggang Karunungan.

22. At nagpadala Kami ng mga masaganang hangin na inilalagay sa ulap at ito ang nagdadala ng ulan, alabok, biyaya at kapakinabangan, at ibinaba Namin mula sa ulap na ito ang tubig, na ito ay inilaan upang ito ay inyong inumin at ang iba ay para sa inyong kalupaan at mga hayop na inaalagaan, at kailanman ay hindi ninyo kayang pangalagaan sa inyong mga imbakan, samantalang Kami ang nag-iimbak nito upang ito ay mapangalagaan, at hindi kayo ang nagmamay-ari ng mga panustos na ito.

23. At katiyakan, Kami ang nagbibigay ng buhay sa anumang bagay na patay sa pamamagitan ng paglikha nito mula sa wala, at sinasanhi rin Namin na mamatay ang anumang may buhay kapag natapos na ang nakatakdang buhay nito, at Kami rin ang Nagmamay-ari ng lahat ng kalupaan at ang mga nasa ibabaw nito.

24. At walang pag-aalinlangan, batid Namin ang mga naunang henerasyon sa inyo na mga nangamatay na simula pa lamang sa kapanahunan ni Âdam, at walang pag-aalinlangan, batid Namin ang mga kasalukuyan ninyong henerasyon, at gayundin ang mga yaong darating pa hanggang sa Pagkabuhay na Mag-uli.

25. At katiyakang titipunin sila ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha upang managot at magbayad. Katiyakan, Siya ang '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa, na '**`*Aleem***' – Ganap na Nakaaalam at walang anuman ang naililihim sa Kanya.

26. At katiyakan, nilikha Namin si Âdam (عليه السلام) mula sa pinatuyong luwad, na kapag ito ay tinuktok ay tumutunog ito, at ang pinatuyong luwad na ito ay mula sa alabok na kulay itim na nagbabago ang kulay at amoy nito dahil sa matagal nitong pagkakapanatili.

27. At nilikha rin ang ama ng mga '*Jinn*' na si Iblees ('*Shaytân*') bago pa likhain si Âdam mula sa matinding init ng apoy na walang usok.

28. At banggitin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), ang sinabi ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa mga anghel: "*Katiyakan*, *Ako ay lilikha ng tao na mula sa pinatuyong luwad*, *at ang pinatuyong luwad na ito ay mula sa itim na alabok na nag-iiba ang kulay*."

29. "*At kapag hinugis Ko na siya at binuo Ko na nang ganap ang kanyang anyo at naihinga Ko na sa kanya ang Aking Espiritu ay magpatirapa kayo sa kanya bilang paggalang at hindi pagsamba*."

30-31. Nagpatirapa sa kanya ang lahat ng mga anghel bilang pagsunod nila sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at walang sinuman sa kanila ang tumanggi, subali't si Iblees ay tumanggi na magpatirapa kay Âdam na kasama (noon) ng mga anghel na nagpatirapa.

32. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Iblees: "*O Iblees! Ano ang dahilan ng hindi mo pagpapatirapa na kasama ng mga anghel?*"

33. Sinabi ni Iblees bilang pagpapakita ng pagmamataas at panibugho, "*Hindi maaari sa akin na magpatirapa sa tao na ginawa Mo lamang mula sa pinatuyong luwad na itim na nagbabago ang kulay.*"

34-35. Sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanya: "*Lumabas ka mula sa Hardin*, *dahil katiyakang ikaw ay pinagkaitan ng lahat ng biyaya at katiyakang mananatili sa iyo ang Aking sumpa at pagkalayo mula sa Aking awa*, *hanggang sa Araw na bubuhayin na mag-uli ang mga tao para sa paghuhukom at pagbabayad.*"

36. Sinabi ni Iblees: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Panatilihin Mo ako rito sa daigdig hanggang sa Araw na bubuhaying mag-uli ang Iyong mga alipin*, *na ito ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay.*"

37-38. Sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanya: "*Katiyakan*, *ikaw ay kabilang sa mga inantala Ko ang kanilang kamatayan hanggang sa araw na mamamatay ang lahat ng mga nilikha pagkatapos ng pag-ihip ng unang trumpeta at hindi sa Araw ng Muling Pagkabuhay.*" Kaya, siya ay tinugunan tungo sa kahilingan na ito bilang dahan-dahan na pagpaparusa sa kanya na di niya namamalayan, upang siya ay manlinlang at maging '*fitnah*' o pagsubok sa mga tao at mga '*Jinn*.'

39-40. Sinabi ni Iblees: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Dahil sa pagmali at pagligaw Mo sa akin ay aakitin ko ang mga angkan ni Âdam sa mga kasalanan dito sa kalupaan*, *at ililigaw ko silang lahat mula sa Daan ng Patnubay*, *maliban sa mga alipin Mo na Iyong ginabayan at taos-puso sila sa pagsamba nang bukod-tangi sa Iyo*, *na sila ay hindi matutulad sa ibang mga nilikha Mo.*"

41-42. Sinabi ng Allâh (ﷻ): "*Ito ang Matuwid na Daan patungo sa Akin at sa Tahanan ng Aking Karangalan. Katiyakan*, *ang Aking mga alipin ay yaong taos-puso sa kanilang pagsamba at hindi kita bibigyan ng kakayahan na makuntrol ang kanilang mga puso para mailigaw sila mula sa Matuwid na Landas*, *subali't ang kakayahan mo lamang ay sa mga yaon na sumunod sa iyo na mga naligaw na mga sumamba ng iba* (*bukod sa Allâh*) *na naging sapat sa kanila ang pangangasiwa mo at pagsunod sa iyo na sa halip ay pagsunod sa Akin.*"

43-44. "*At katiyakan*, *ang masidhing naglalagablab na apoy ang parusang nag-aabang kay Iblees at sa lahat ng kanyang mga tagasunod*, *na ito ay mayroong pitong pintuan na sa bawa't pintuan ay may magkakahelerang pababa*, *na sa bawa't pinto ay nakalaan sa bawa't grupong sumunod kay Iblees batay sa antas ng kanilang masamang gawain.*"

45-48. "*Katiyakan*, *ang mga yaong matatakutin sa Allâh na umiwas sa lahat ng kasalanan at pagsamba ng iba bukod sa Allâh*, *sila ay nasa mga Hardin at mga umaagos na ilog at sasabihin sa kanila*: '*Pumasok na kayo sa mga Hardin na ito nang mapayapa na ligtas sa anumang kasamaan at anumang kaparusahan*.' *At inalis Namin sa kanilang mga kalooban ang panibugho at paglalaban-laban*, *na sila ay mamumuhay sa Hardin na mga nagmamahalang magkakapatid*, *na sila ay nakaupo sa mga magagarang supa* (*o luklukan*) *na magkakaharap ang kanilang mga mukha bilang pagpapatuloy sa kanilang samahan at pagmamahalan*, *na hindi magaganap sa kanila ang anumang kapaguran*, *doon sila ay mananatili magpasawalang-hanggan.*"

49-51. Ipamalita mo sa Aking mga alipin, O Muhammad (ﷺ), na Ako ay katiyakang '***Al-Ghafour***' – ang Ganap na Mapagpatawad sa mga mananampalataya na nagsisisi, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila, at katiyakan ding ang Aking kaparusahan ay napakasidhi para sa mga hindi nagsipagsisi, at ipamalita mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), ang hinggil sa mga panauhin ni Ibrâhim (عليه السلام) na mga anghel na sila ang mga yaong nagdala ng magandang balita na pagkakaroon ng anak na lalaki ni Ibrâhim at sa pagkawasak ng sambayanan ni Lût.

52. Noong pumasok sila na mga anghel sa kanyang kinaroroonan na kanilang sinabi: "*Salâm!*" (Kapayapaan!); at tinugunan sila ni Ibrâhim ng kapayapaan din, pagkatapos ay nag-alok siya sa kanila ng pagkain at hindi sila kumain, na kanyang sinabi: "*Katotohanan*, *natatakot kami sa inyo*."

53. Sinabi ng mga anghel sa kanya: "*Huwag kang matakot! Dahil ang pakay namin ay upang bigyan ka ng magandang balita na pagkakaroon ng sanggol na batang lalaki na maalam sa* '*Deen*' (*o Relihiyon*) *na ito ay si Ishâq*."

54. Sinabi ni Ibrâhim na namamangha sa balita: "*Binabalitaan ninyo ako ng pagkakaroon ng anak na lalaki*, *samantalang ako ay matanda na at gayundin ang aking asawa*, *kaya ano ang dapat ninyong ibalita sa akin na magandang balita na kamangha-mangha?*"

55. Sinabi nila: "*Binalitaan ka namin ng magandang balita na makatotohanan na ipinaalam sa amin ng Allâh* (ﷻ), *na kung kaya*, *huwag kang pabilang sa mga nawalan na ng pag-asa na magkaroon ng anak*."

56-57. Sinabi niya: "*Walang sinuman ang nawawalan ng pag-asa sa awa ng kanyang* '*Rabb*' *maliban sa mga ligaw na malayo sa Daan ng Katotohanan*." Kanyang sinabi: "*Ano ang napakahalagang pakay ninyo kung gayon*, *O mga Sugo*, *na inyong dala-dala mula sa Allâh* (ﷻ)*?*"

58-60. Sinabi nila: "*Katiyakan*, *ipinadala kami ng Allâh* (ﷻ) *upang puksain ang sambayanan ni Lût na mga walang pananampalataya na mga ligaw maliban kay Lût at sa kanyang pamilya na mga mananampalataya na naniwala sa kanya*, *dahil hindi namin sila kailanman pupuksain at ipapahamak*, *at ililigtas namin silang lahat*

maliban sa kanyang asawa na walang pananampalataya na pinagpasiyahan naming siya ay mamatay bilang parusa kasama ang ibang paparusahan.

61-62. Nang dumating ang mga anghel na mga Sugo kay Lût, sinabi niya sa kanila: "*Walang pag-aalinlangan*, *kayo ay hindi ko mga kakilala*."

63-65. Kanilang sinabi: "*Huwag kang matakot dahil katiyakang dala-dala namin ang parusa na pinagdududahan ng iyong sambayanan at hindi nila pinaniniwalaan*, *at dala-dala namin ang katotohanan mula sa Allâh* (ﷻ) *at walang pag-aalinlangan na kami ay mga matatapat. Na kung kaya*, *lumikas ka at lumayo ka mula sa kanila na kasama ang iyong pamilya na mga naniwala paglipas ng ilang bahagi ng gabi*, *at maglakad ka na ikaw ang nasa likuran nila*; *upang walang sinuman ang maiwan sa kanila dahil kapag ito ay nangyari ay makakamtan niya ang parusa*, *at ingatan ninyo na mayroong lilingon sa inyo*, *at magmadali kayo tungo sa anumang ipinag-utos ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*; *upang kayo ay mapunta sa ligtas na lugar*."

66. "*At ipinahayag namin kay Lût na katiyakang ang iyong sambayanan ay wawasakin lahat hanggang sa kahuli-hulihan nila*, *pagliwanag ng umaga*.

67. "*At dumating ang mga tao mula sa lunsod ni Lût noong nalaman nila na mayroon siyang mga panauhin*, *na sila ay mga masasaya at nagdiriwang dahil sa kanyang mga bisita*; *upang sila ay mapasakanila at makagawa sila ng kahalayan*."

68-69. Sinabi sa kanila ni Lût (عليه السلام): "*Katiyakan*, *sila ay aking mga panauhin na nasa ilalim ng aking pangangalaga*, *na kung kaya*, *huwag ninyo akong ipahiya*, *at katakutan ninyo ang parusa ng Allâh* (ﷻ) *na huwag ninyo silang panghimasukan*, *dahil ang paglapastangan sa kanila bilang aking mga panauhin ay pagpapahiya sa akin*."

70. Sabi ng kanyang sambayanan: "*Hindi ba pinagbawalan ka namin na magkaroon ng panauhin na kahit na sinuman sa mga tao*; *dahil nais naming gumawa sa sinuman sa kanila ng kahalayan?*"

الجزء الرابع عشر سورة الحجر

قَالَ هَٰٓؤُلَآءِ بَنَاتِيٓ إِن كُنتُمۡ فَٰعِلِينَ ٧١ لَعَمۡرُكَ إِنَّهُمۡ لَفِي سَكۡرَتِهِمۡ
يَعۡمَهُونَ ٧٢ فَأَخَذَتۡهُمُ ٱلصَّيۡحَةُ مُشۡرِقِينَ ٧٣ فَجَعَلۡنَا عَٰلِيَهَا
سَافِلَهَا وَأَمۡطَرۡنَا عَلَيۡهِمۡ حِجَارَةٗ مِّن سِجِّيلٍ ٧٤ إِنَّ فِي ذَٰلِكَ
لَأٓيَٰتٖ لِّلۡمُتَوَسِّمِينَ ٧٥ وَإِنَّهَا لَبِسَبِيلٖ مُّقِيمٍ ٧٦ إِنَّ فِي ذَٰلِكَ
لَأٓيَةٗ لِّلۡمُؤۡمِنِينَ ٧٧ وَإِن كَانَ أَصۡحَٰبُ ٱلۡأَيۡكَةِ لَظَٰلِمِينَ ٧٨
فَٱنتَقَمۡنَا مِنۡهُمۡ وَإِنَّهُمَا لَبِإِمَامٖ مُّبِينٖ ٧٩ وَلَقَدۡ كَذَّبَ أَصۡحَٰبُ
ٱلۡحِجۡرِ ٱلۡمُرۡسَلِينَ ٨٠ وَءَاتَيۡنَٰهُمۡ ءَايَٰتِنَا فَكَانُواْ عَنۡهَا مُعۡرِضِينَ
٨١ وَكَانُواْ يَنۡحِتُونَ مِنَ ٱلۡجِبَالِ بُيُوتًا ءَامِنِينَ ٨٢ فَأَخَذَتۡهُمُ
ٱلصَّيۡحَةُ مُصۡبِحِينَ ٨٣ فَمَآ أَغۡنَىٰ عَنۡهُم مَّا كَانُواْ يَكۡسِبُونَ ٨٤
وَمَا خَلَقۡنَا ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَ وَمَا بَيۡنَهُمَآ إِلَّا بِٱلۡحَقِّۗ وَإِنَّ
ٱلسَّاعَةَ لَأٓتِيَةٞۖ فَٱصۡفَحِ ٱلصَّفۡحَ ٱلۡجَمِيلَ ٨٥ إِنَّ رَبَّكَ هُوَ
ٱلۡخَلَّٰقُ ٱلۡعَلِيمُ ٨٦ وَلَقَدۡ ءَاتَيۡنَٰكَ سَبۡعٗا مِّنَ ٱلۡمَثَانِي وَٱلۡقُرۡءَانَ
ٱلۡعَظِيمَ ٨٧ لَا تَمُدَّنَّ عَيۡنَيۡكَ إِلَىٰ مَا مَتَّعۡنَا بِهِۦٓ أَزۡوَٰجٗا مِّنۡهُمۡ
وَلَا تَحۡزَنۡ عَلَيۡهِمۡ وَٱخۡفِضۡ جَنَاحَكَ لِلۡمُؤۡمِنِينَ ٨٨ وَقُلۡ إِنِّيٓ
أَنَا ٱلنَّذِيرُ ٱلۡمُبِينُ ٨٩ كَمَآ أَنزَلۡنَا عَلَى ٱلۡمُقۡتَسِمِينَ ٩٠

71. Sinabi ni Lût (عليه السلام) sa kanila: "*Ito ang aking mga anak na kababaihan, pakasalan ninyo sila kung nais ninyo na mapagbigyan ang inyong mga pagnanasa, at nararapat na sapat na sa inyo ang inyong mga asawang kababaihan, at huwag kayong gumawa ng anumang ipinagbabawal sa inyo ng Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng pagsagawa ng kahalayan sa kapwa ninyo kalalakihan.*"

72-73. Sumusumpa ang Allâh (ﷻ) na Tagapaglikha sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang nilikha, subali't ang mga nilikha ay hindi sila maaaring manumpa kundi sa Pangalan lamang ng Allâh (ﷻ), at katiyakan, sumusumpa ang Allâh (ﷻ) sa buhay ni Propeta Muhammad (ﷺ) bilang pagpaparangal sa kanya. Walang pag-aalinlangan, ang sambayanan ni Lût ay nasa matinding kahibangan at gumagala nang bulag, na patuloy sila hanggang dumating sa kanila ang '*As-Sayhah*' (nakabibinging ingay ng kidlat) sa oras ng pagsikat ng araw bilang kaparusahan sa kanila.

74. At binaligtad Namin ang kanilang bayan na ang ibabaw nito ay napunta sa ilalim at pinaulanan Namin sila ng mga bato na mula sa mga matitigas na mga luwad na matindi sa pagiging katigasan nito.

75-77. At katiyakan, ang anumang dumating sa kanilang parusa ay bilang pagpapayo sa mga nakasaksi na nakakakuha ng aral, at katotohanan na ang kanilang bayan ay nasa daanan na patuloy na nakikita ng mga dumaraan na mga manlalakbay. Walang pag-aalinlangan, sa pagpuksa Namin sa kanila ay katiyakang isang matibay na palatandaan para sa mga naniwala.

78-79. At katiyakan, ang sambayanan na nanirahan sa lunsod ng '*Ayka*' (maraming puno na magkakatabi) na ito ang sambayanan ni Shu`ayb, na gumawa ng mga kasamaan na dinaya nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng paglabag sa

Allâh (ﷻ) at sa kagalang-galang na Sugo na ipinadala sa kanila, ay ginantihan Namin sila ng paglindol, at parusa sa araw sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila ng maitim na ulap na nagtataglay ng apoy na iniulan sa kanila. At katiyakan, ang tirahan ng sambayanan ni Lût at ni Shu`ayb ay nasa kilalang daan na dinaraanan ng mga tao sa kanilang paglalakbay upang maging aral sa kanila.

80. At katiyakan, pinasinungalingan ng mga nanirahan sa lambak ng '*Hijr*' (mababatong bundok na may mga kuweba) si Sâleh (عليه السلام), na yaon ay si Thamoud at ang kanyang sambayanan, na kung kaya, dahil dito ay pinasinungalingan nila ang lahat ng mga Sugo; dahil sinuman ang hindi naniwala sa isang Sugo ay nangangahulugan ng pagpapasinungaling sa lahat ng Propeta, dahil silang lahat ay iisa lamang ang kanilang Relihiyon.

81. At ipinagkaloob Namin sa sambayanan ni Sâleh ang Aming mga palatandaan na nagpapatunay sa katotohanan na dala-dala ni Sâleh sa kanila, at kabilang (sa palatandaang) ito ay ang kamelyong babae subali't ito ay hindi naging aral sa kanila, dahil nagpatuloy pa rin sila sa paglayo at pagtanggi.

82. At ugali nila na ukitin ang mga bundok upang ito ay gawin nilang mga tahanan, at tinitiyak nila na sila ay ligtas, na ito ay hindi babagsak sa kanila o masisira.

83-84. At pinarusahan Ko sila sa pamamagitan ng nakabibinging parusa sa oras ng umaga na ito ay ang yaong pinakamaagang-maaga, at kailanman ay hindi sila nailigtas sa parusa ng Allâh (ﷻ), ng kanilang mga kayamanan at ng mga bundok na ginawa nilang panangga at sa kung anuman na ipinagkaloob sa kanila na lakas at kapangyarihan.

85. At hindi Namin nilikha ang mga kalangitan at kalupaan at ang mga nasa pagitan nito kundi bilang katotohanan, na ang dalawang ito ay katibayan sa pagiging ganap ng Tagapaglikha nito at sa Kanyang Kapangyarihan, na walang sinuman ang may karapatan at karapat-dapat na sambahin kundi Siya na Bukod-Tangi at walang sinuman ang Kanyang katambal. At katiyakan, ang Oras ng pagkagunaw ng daigdig ay walang pag-aalinlangan na mangyayari; na katiyakang ipagkakaloob sa bawa't isa ang bunga ng kanyang ginawa, na kung kaya, patawarin mo na, O Muhammad (ﷺ), ang mga walang pananampalataya ng magiliw na pagpapatawad.

86. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' ang Siyang '***Al-Khallâqul `Aleem***' – ang Pinakadakilang Tagapaglikha na Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay, na walang anumang bagay dito sa kalupaan at sa kalangitan ang makagagapi sa Kanya at walang anumang bagay ang nailililihim sa Kanya.

87. Katiyakan, ipinagkaloob Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang pambungad ng Qur'ân, na pitong talata, na patuloy na inuulit-ulit ang pagbibigkas nito sa tuwing '*Salâh*' at ipinagkaloob Namin sa iyo ang Dakilang Qur'ân.

88. Huwag mong pagtuunan ng pansin at asamin ang mararangyang bagay na ipinalasap Namin sa mga walang pananampalataya bilang pansamantalang kasiyahan dito sa daigdig, at huwag mong ikalungkot ang kanilang paglabag, at magpakumbaba ka sa mga mananampalataya na naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo.

89-90. At sabihin mo: "*Katiyakan*, *ako ay isang malinaw na tagapagbabala na naghahayag ng patnubay sa mga tao tungo sa paniniwala sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang*, *at binabalaan ko kayo*, *upang hindi kayo maparusahan*, *na katulad ng iginawad na parusa sa mga yaong hinati nila ang Qur'ân*, *na pinaniwalaan nila ang isang bahagi nito at nilabag naman ang isang bahagi*, *na sila ay ang yaong mga Hudyo*, *mga Kristiyano at iba pa*."

الجزء الرابع عشر سورة النحل
الَّذِينَ جَعَلُوا الْقُرْآنَ عِضِينَ ﴿٩١﴾ فَوَرَبِّكَ لَنَسْأَلَنَّهُمْ
أَجْمَعِينَ ﴿٩٢﴾ عَمَّا كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿٩٣﴾ فَاصْدَعْ بِمَا تُؤْمَرُ وَأَعْرِضْ
عَنِ الْمُشْرِكِينَ ﴿٩٤﴾ إِنَّا كَفَيْنَاكَ الْمُسْتَهْزِئِينَ ﴿٩٥﴾ الَّذِينَ
يَجْعَلُونَ مَعَ اللَّهِ إِلَٰهًا آخَرَ فَسَوْفَ يَعْلَمُونَ ﴿٩٦﴾ وَلَقَدْ نَعْلَمُ
أَنَّكَ يَضِيقُ صَدْرُكَ بِمَا يَقُولُونَ ﴿٩٧﴾ فَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ وَكُنْ
مِنَ السَّاجِدِينَ ﴿٩٨﴾ وَاعْبُدْ رَبَّكَ حَتَّىٰ يَأْتِيَكَ الْيَقِينُ ﴿٩٩﴾

سُورَةُ النَّحْلِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

أَتَىٰ أَمْرُ اللَّهِ فَلَا تَسْتَعْجِلُوهُ سُبْحَانَهُ وَتَعَالَىٰ عَمَّا يُشْرِكُونَ
﴿١﴾ يُنَزِّلُ الْمَلَائِكَةَ بِالرُّوحِ مِنْ أَمْرِهِ عَلَىٰ مَنْ يَشَاءُ مِنْ عِبَادِهِ
أَنْ أَنْذِرُوا أَنَّهُ لَا إِلَٰهَ إِلَّا أَنَا فَاتَّقُونِ ﴿٢﴾ خَلَقَ السَّمَاوَاتِ
وَالْأَرْضَ بِالْحَقِّ تَعَالَىٰ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٣﴾ خَلَقَ
الْإِنْسَانَ مِنْ نُطْفَةٍ فَإِذَا هُوَ خَصِيمٌ مُبِينٌ ﴿٤﴾ وَالْأَنْعَامَ
خَلَقَهَا لَكُمْ فِيهَا دِفْءٌ وَمَنَافِعُ وَمِنْهَا تَأْكُلُونَ
﴿٥﴾ وَلَكُمْ فِيهَا جَمَالٌ حِينَ تُرِيحُونَ وَحِينَ تَسْرَحُونَ ﴿٦﴾

91. At sila ang mga yaong pinagbaha-bahagi nila ang Qur'ân na mayroon sa kanilang nagsasabi: "*Na ito ay* '*Sihr*' (*salamangka*), *panggagayuma at mayroon pang nagsasabi sa kanila ng iba bukod dito upang maharangan nila ang mga tao mula sa patnubay at mailalayo nila patungo sa anumang kanilang sariling pagnanasa.*"

92-93. Sumusumpa Ako sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, walang pag-aalinlangan na papananagutin Namin silang lahat sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at papagbabayarin Namin silang lahat dahil sa kanilang ginawang pagbabaha-bahagi sa Kabanal-banalan na Qur'ân, dahil sa kanilang mga kasinungalingan, at sa kanilang pagbabago at pagpapalit na ginawa sa kahulugan nito, at sa iba pa na kanilang ginawa na katulad ng pagsamba sa mga diyus-diyusan at pagsagawa ng mga kasalanan. Ang mga talatang ito ay bilang pananakot sa kanila at babala mula sa pagsagawa nila ng mga ganitong karumal-dumal na gawain.

94. Na kung kaya, isagawa mo nang lantaran ang pagpapalaganap ng katotohanan na ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa iyo, at pabayaan mo ang mga '*Mushrikin*' na nagnanais na ilayo ka mula sa mga palatandaan ng Allâh dahil katiyakang ipinagtanggol ka ng Allâh (ﷻ) mula sa anuman na kanilang mga sinasabi.

95-96. Katiyakan, sapat na ang Aming pangangalaga sa iyo upang ikaw ay makaligtas sa mga nangungutya at nanlalait mula sa mga pinuno ng Quraysh na sumasamba ng iba bilang pagtatambal sa pagsamba sa Allâh, na tulad ng mga rebulto at iba pa, at walang pag-aalinlangan, mababatid nila ang bunga ng kanilang ginawa rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

97. At walang pag-aalinlangan, batid Namin ang paninikip ng iyong dibdib, O Muhammad (ﷺ), dahil sa sinasabi ng mga walang pananampalataya hinggil sa iyo at sa iyong pamamahayag ng katotohanan.

98. Na kung kaya, ituon mo ang iyong sarili sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa oras ng paninikip ng iyong dibdib sa pamamagitan ng pagpupuri at pagluluwalhati bilang pasasalamat sa Kanya, at ibilang mo ang iyong sarili sa mga nagsasagawa ng '*Salâh*' nang alang-alang sa Allâh (ﷻ), na sumasamba sa Kanya nang bukod-tangi, at sapat na ito sa anumang ikinalulungkot mo.

99. At magpatuloy ka sa iyong pagsamba sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, habang ikaw ay nabubuhay hanggang dumating sa iyo ang katiyakan, na ito ay ang kamatayan. At sinunod ng Sugo ng Allâh ang utos ng kanyang '*Rabb*,' na kung kaya, siya ay patuloy sa pagsusumamo sa pagsamba sa Kanya, hanggang sa dumating sa kanya ang katiyakan na kamatayan mula sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

سورة النحل 16

XVI – Sûrat An-Nahl

[**Kabanata An-Nahl** – Ang mga Bubuyog]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Malapit na ang pagdating ng Oras ng pagkagunaw ng daigdig at ang pinagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) na parusahan kayo – O kayo na mga walang pananampalataya – na kung kaya, huwag ninyong madaliin ang parusa na dumating sa inyo upang kutyain lamang ang ipinadalang Sugo na siyang nagbigay ng babala sa inyo. Luwalhati at Napakadakila ng Allâh (ﷻ) na Siya ay ligtas at malayo sa anumang ginawa nilang pagtatambal at sa kanilang mga sinambang iba.

2. Nagpababa ang Allâh (ﷻ) ng mga anghel na may kasamang Rebelasyon bilang Kanyang Kautusan para sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin na mga Sugo: "*Upang balaan nila ang mga tao na lumayo mula sa pagsasagawa ng* '*Shirk*,' *na walang pag-aalinlangan na walang sinuman ang bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat na sambahin kundi Ako*, *na kung kaya*, *katakutan ninyo Ako*, *sa pamamagitan ng pagsasagawa sa Aking mga ipinag-uutos at pagsamba sa Akin nang bukod-tangi at taimtim*."

3. Nilikha ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan at kalupaan bilang katotohanan; upang maging katibayan ang dalawang ito sa mga alipin sa Kadakilaan ng Tagapaglikha nito, at walang pag-aalinlangan, Siya lamang ang Bukod-Tangi na karapat-dapat sambahin, Luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Kataas-Taasan na Malaya at Napakadakila sa anuman na kanilang ginawang pagtatambal.

4. Nilikha ng Allâh (ﷻ) ang tao mula sa '*Nutfah*' – isang lusaw na bagay na walang halaga (nagsamang mga patak ng semilya ng lalaki at babae pagkatapos ng pagtatalik), pagkatapos ay pagmasdan, ang parehong tao ring ito ang siyang naging lantarang kaaway, noong siya ay lumakas ay nagmataas siya, at naging matindi ang kanyang pagsalungat at pakikipagtalo sa Kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa pamamagitan ng pagtanggi sa Pagkabuhay na Mag-uli at iba pa, na kanyang sinabi: "*Sino ang makapagbibigay ng buhay sa buto kapag ito ay nadurog na?*" At nakalimutan niyang ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha sa kanya mula sa wala.

5. At ang mga hayop na tulad ng kamelyo, baka at kambing ay nilikha ng Allâh (ﷻ) para sa inyo, O kayong mga tao! At ginawa Niya ang mga balahibo nito bilang panlaban sa lamig, at iba pang mga kapakinabangan na tulad ng gatas at balat nito, at nasasakyan din ang ilan sa mga ito, at mayroon din sa mga ito ang maaaring kainin.

6. At mayroong palamuti para sa inyo sa mga ito, na nasisiyahan kayo kapag nakikita ninyo ang mga ito na iniuuwi na sa inyong mga tahanan sa hapon, at ganoon din sa oras na ito ay palalabasin sa umaga tungo sa pastulan.



7. At dinadala ng mga hayop na ito ang mga mabibigat na kagamitan tungo sa mga malalayong bayan na hindi ninyo basta-basta nararating nang hindi muna kayo maghihirap nang labis. Katotohanan, ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang '***Raouf***' – Punung-Puno ng Kabutihan, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa inyo, noong ginawa Niya na maging madali para sa inyo na makamtan ang anuman na inyong pangangailangan, samakatuwid, para lamang sa Kanya ang papuri at pasasalamat.

8. Nilikha Niya ang mga kabayo, ang mga buriko at ang mga mola upang ito ay masakyan ninyo, at bilang palamuti ninyo. At lumilikha Siya para sa inyo ng iba pang mga uri ng sasakyan na hindi pa ninyo alam; upang mapalakas ang inyong mga paniniwala at magpasalamat sa Kanya.

9. At para sa Allâh (ﷻ) ang tungkulin na ipaliwanag sa inyo ang Matuwid na Landas upang gabayan kayo, na ito ay ang Islâm. Subali't may mga landas na lihis na hindi nagdudulot ng gabay, na ito ay ang lahat ng bagay na labag sa Islâm, iba't-ibang paniniwala at relihiyon na gawa ng tao. At kung gugustuhin lamang ng Allâh (ﷻ) ay gagabayan kayong lahat tungo sa Tamang Paniniwala.

10. Siya ang nagbaba para sa inyo mula sa ulap ng tubig-ulan, at mula rito ay nagmumula ang inyong tubig na iniinom, at sa pamamagitan din nito ay pinasisibol Niya ang mga puno at mga pananim upang gawin ninyong pastulan sa inyong mga hayop, at ito ay nagdudulot sa inyo ng kapakinabangan.

11. At pinasisibol Niya para sa inyo mula sa kalupaan sa pamamagitan ng uri ng tubig na ito ang iba't ibang pananim, at pinasisibol din Niya ang mga '*zayton*,' mga puno ng palmera ng '*thamr*' at mga ubas, at gayundin ang lahat ng uri ng mga bunga at prutas. Katiyakan, sa pamamagitan ng pagpapasibol ng mga bagay na ito ay

ipinapakita ang malinaw na palatandaan na nagbibigay ng aral sa mga tao na nag-iisip.

12. At ginawa Niya para sa inyong kapakinabangan ang gabi upang kayo ay makapagpahinga, at ang araw naman ay para sa inyong paghahanap-buhay, at ginawa rin Niya na kapaki-pakinabang sa inyo ang liwanag ng araw, at gayundin ang buwan upang sa pamamagitan nito ay malaman ninyo ang taon at panahon, at iba pa na mga kapakinabangan, gayundin ang mga bituin sa kalangitan ay nilikha ng Allâh (ﷻ) para sa inyo upang malaman ninyo ang mga panahon, at pinapahinog nito ang mga bunga at mga pananim, at bilang gabay din sa kadiliman. Katotohanan, sa ganitong paglikha ay mga malilinaw na mga katibayan sa mga taong nag-iisip hinggil sa mga katibayan at palatandaan ng Allâh (ﷻ).

13. At ang anuman na nilikha Niya para sa kapakinabangan ninyo rito sa kalupaan na mga hayop, mga bunga at mga minahan, at iba pa na mga magkakaiba ang kulay at kapakinabangan. Katiyakan, sa pamamagitan ng paglikha ng mga ito at sa pagkakaroon nito ng iba't ibang kulay at mga kapakinabangan ay walang pag-aalinlangan na nakapagbibigay ito ng aral sa mga taong umiintindi ng mga pagpapayo at alam nila na sa pagkakaroon ng kapakinabangan ng mga bagay na ito ay mga palatandaan sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) na Siyang karapat-dapat lamang na sambahin.

14. At Siya ang lumikha para sa inyo ng karagatan; upang makakain kayo mula sa anumang mga nahuhuli o nakukuha ninyo rito na katulad ng mga isda at mga sariwang laman, at nakakakuha rin kayo mula rito ng inyong mga ginagamit bilang mga palamuti na tulad ng perlas, at nakikita ninyo ang mga malalaking sasakyang-pandagat na lumalayag sa ibabaw nito na pumaparoon at pumaparito, at sinasakyan ninyo upang kayo ay makapaghanap ng kabuhayan sa pamamagitan ng pangangalakal, na sa pamamagitan nito ay kumikita kayo, at baka sakaling tumanaw kayo ng utang na loob sa mga dakilang biyaya ng Allâh (ﷻ) sa inyo, na kayo ay hindi sasamba ng iba.

15. At itinalusok Niya sa kalupaan ang mga malalaking bundok upang ito ay hindi yumanig sa inyo, at lumikha Siya rito ng mga ilog (sa pagitan ng mga bundok); upang kayo ay makainom mula rito, at iginawa rin kayo ng mga daanan sa pagitan nito; upang matunton ninyo ang lugar na kung saan nais ninyong tumungo.

16. Lumikha rin Siya rito sa kalupaan ng mga tanda upang maging gabay ninyo sa inyong paglalakbay sa araw, na katulad din ng paglikha Niya ng mga bituin bilang gabay ninyo sa inyong paglalakbay sa gabi.

17. Kung gayon, ituturing ba ninyo ang Allâh (ﷻ) na Siyang Lumikha ng lahat ng ito, bilang kapantay sa mga diyus-diyusan na inaangkin ninyo na walang anumang nilikha, kinakailangan bang ipantay ninyo sa karapatan ng Allâh (ﷻ) na Tagapaglikha ang iba na sinasamba ninyo bukod sa Kanya, na walang anumang nilikha na kahit na ano? Hindi ba ninyo naisip ang kadakilaan ng Allâh (ﷻ) upang Siya lamang ang bukod-tangi ninyong sambahin?

18. At kahit na anupamang pagsisikap ang gawin ninyo na bilangin ang lahat ng mga biyaya at kagandahang-loob ng Allâh (ﷻ) sa inyo, kailanman ay hindi kayo magkakaroon ng kakayahan na mabilang ang mga ito; dahil sa napakarami at iba't ibang uri nito. Katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa inyo, na '***Raheem***' - Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal; na kung kaya, pinatatawad Niya ang inyong pagkukulang dahil sa inyong pasasalamat sa Kanyang mga biyaya, na kung kaya, hindi Niya ito pinuputol (ang biyaya Niya sa inyo) dahil lamang sa inyong pagkukulang at hindi Niya minamadali ang parusa sa inyo.

19. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakaaalam sa lahat ng inyong ginagawa, kinikimkim man ninyo ito sa inyong mga sarili o inilalantad ninyo sa iba, at katiyakan na kayo ay gagantihan para rito.

20. At ang mga diyus-diyusan na sinasamba ng mga '*Mushrikûn'* – naglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh o sumasamba ng iba bukod sa Allâh – kailanman ay hindi makalilikha ang mga ito ng kahit na ano at kahit na gaano pa ito kaliit, dahil ang mga ito ay inimbento (o haka-haka) lamang na ginawa ng mga walang pananampalataya sa pamamagitan ng kanilang mga kamay, na kung kaya, paano nila ito nasasamba?

21. Lahat ng mga ito ay mga bagay na walang buhay at hindi nakakaramdam ni nakaaalam ng oras kung kailan bubuhayin na mag-uli ng Allâh (ﷻ) ang sumasamba sa kanila, at ito ay kasama nila sa gagawing pagtapon sa kanilang lahat sa Impiyerno sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

22. Ang inyong '*ilâh*' – ang diyos na sinasamba o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin ay ang Allâh (ﷻ) na Nag-iisa, na kung kaya, ang mga yaong hindi naniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ang kanilang mga puso ay tumanggi sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ); dahil hindi sila natatakot sa Kanyang parusa, at sila ay nagmamataas sa pamamagitan ng pagtanggi sa katotohanan at pagsamba sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ).

23. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Nakaaalam kung ano ang kanilang inililihim na mga paniniwala, mga salita at mga gawain, at kung anuman ang kanilang inilalantad, at sila ay papagbabayarin para rito. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na Kataas-Taasan ay hindi nagmamahal sa mga nagmamataas na tumanggi sa pagsamba at pagsunod sa Kanya, at walang pag-aalinlangan, sila ay papagbabayarin.

24. At kapag tinanong sila na mga nagtambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh, hinggil sa pagpapahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ), kanilang sasabihin bilang pagsisinungaling at pagbibintang: "*Wala siyang dala-dala kundi mga kuwento lamang ng mga naunang tao at ang mga kasinungalingan nito*."

25. Walang pag-aalinlangan, ang magiging parusa sa kanila ay pagpapataw sa lahat ng kaparusahan na kanilang ginawa sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at ito ay hindi patatawarin sa kanila, at ipapataw din sa kanila ang mga kasalanan ng mga yaong tumanggi na iniligaw nila dahil sa kamangmangan na inilayo nila nang ganap sa Islâm, at walang anumang kabawasan ang magaganap sa kaparusahang ito. Walang pag-aalinlangan, napakasama ang kaparusahan na igagawad sa kanila!

26. Katiyakan, nagpakana ang mga walang pananampalataya na mga nauna sa mga ito ng mga pakana laban sa kanilang mga Sugo at sa kung anuman na kanilang dala-dalang pag-aakay tungo sa katotohanan, subali't winasak ng Allâh (ﷻ) ang pinakapundasyon ng kanilang gusali at bumagsak sa kanilang ulunan ang bubungan nito, at dumating sa kanila ang pagkawasak sa lugar na inaasahan nilang sila ay ligtas, dahil ito ay hindi nila inaasahang darating sa kanila.

27-28. Pagkatapos sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay ipapahiya sila ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagpaparusa at pagpapahamak sa kanila, at sasabihin sa kanila: "*Nasaan na ang mga itinambal ninyo sa Akin na mga diyus-diyusan upang mapangalagaan kayo sa kaparusahan*, *dahil sa kinalaban ninyo ang mga Propeta at ang mga mananampalataya*, *na kung kaya*, *ang pakikipaglaban ninyo sa kanila ang naging sanhi ng mga ito?*"

Sinabi ng kanilang mga paham at mga relihiyoso sa kanila: "*Walang pag-aalinlangan*, *ang kapahamakan at kaparusahan sa Araw na ito ay para sa mga hindi naniwala sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo*," na sila ang mga yaong hahablutin ng mga anghel ang kanilang mga kaluluwa sa oras ng kanilang kamatayan habang gumagawa sila ng kamalian sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng paglabag sa Allâh, subali't sumuko rin sila sa Allâh (ﷻ) noong nakita na nila ang kamatayan at itinanggi nila ang anuman na sinasamba nila bukod sa Allâh, at kanilang sinabi: "*Hindi kami gumawa ng kahit na anumang kasalanan*," at sasabihin naman sa kanila: "*Nagsinungaling kayo*, *dahil katotohanang gumawa kayo ng kasalanan*, *walang pag-aalinlangan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang Siyang Ganap na Nakaaalam sa lahat ng mga gawain ninyo at kayo ay gagantihan para rito.*

29. "*Na kung kaya*, *magsipasok kayo sa mga pintuan ng Impiyerno*, *na hindi na kayo makalalabas pa rito magpakailanman*, *at ito ay napakasama na magiging tirahan ng mga yaong nagmataas at tumanggi sa paniniwala sa Allâh at sa bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya at pagsunod sa Kanyang kagustuhan*."

30. At kapag sinabi sa mga mananampalataya na mga natatakot sa Allâh: "*Ano ang ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *sa Propeta na si Muhammad* (ﷺ)*?*" Sinabi nila: "*Nagpahayag ang Allâh* (ﷻ) *sa kanya ng kabutihan at gabay.*" Na kung kaya, para sa mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo rito sa buhay sa daigdig, at naghikayat

sa mga alipin ng Allâh tungo sa Tamang Paniniwala at pagsagawa ng mabuti, ay dakilang karangalan na tagumpay, pangingibabaw dito sa daigdig at masaganang biyaya; at sa Kabilang-Buhay naman para sa kanila ay biyaya at dakilang gantimpala na higit pa kaysa anuman na kanilang nakamtan dito sa daigdig, at samakatuwid, napakaganda ang tahanan ng mga matatakutin sa Allâh sa Kabilang-Buhay.

31-32. Mga Hardin ang kanilang tutuluyan, na sila ay doon mananatili, na sila ay hindi na lalabas pa roon magpakailanman, na kung saan ay may mga ilog na umaagos sa ilalim ng mga puno at mga palasyo nito, na ang para sa kanila roon ay ang bawa't anumang nanaisin ng kanilang mga sarili, at ang ganitong magandang gantimpala ay inihahandog ng Allâh (ﷻ) sa mga natatakot sa Kanya na mga yaong kinuha ng mga anghel ang kanilang kaluluwa samantalang ang kanilang mga kalooban ay malilinis mula sa anumang di-paniniwala sa Allâh, at sasabihin sa kanila ng mga anghel: "*Salâmun `alaykum* (*kapayapaan ay sumainyo*)*! Bukod-tanging pagbati para sa inyo at kaligtasan sa lahat ng kapahamakan. Magsipasok na kayo sa* '*Al-Jannah*' *dahil sa inyong mga nagawa na paniniwala sa Allâh* (ﷻ) *at pagpapasailalim sa Kanyang kagustuhan*."

33. Wala bang inaabangan ang mga walang pananampalataya na mga '*Mushrikin*' – naglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh o sumasamba ng iba bukod sa Allâh – kundi ang pagdating ng mga anghel; upang kunin ang kanilang mga kaluluwa habang sila ay nasa malinaw na pagtanggi sa Allâh, o di kaya ay darating sa kanila ang utos ng Allâh (ﷻ) na biglaang pagpaparusa sa kanila at sila ay pupuksain? At kung paano sila tumanggi ay ganoon din tumanggi ang mga walang pananampalataya na nauna sa kanila at pinuksa sila ng Allâh (ﷻ). At hindi sila dinaya ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagpuksa at pagbaba ng kaparusahan sa kanila, kundi sila mismo ang nang-api sa kanilang mga sarili dahil sila ang naglagay nito sa kapahamakan at kaparusahan.

34. At dumating sa kanila ang parusa dahil sa kanilang mga kasalanan na nagawa at winasak sila nang lubusan dahil sa kinagawian nila na pangungutya.

وَقَالَ ٱلَّذِينَ أَشۡرَكُواْ لَوۡ شَآءَ ٱللَّهُ مَا عَبَدۡنَا مِن دُونِهِۦ مِن
شَيۡءٖ نَّحۡنُ وَلَآ ءَابَآؤُنَا وَلَا حَرَّمۡنَا مِن دُونِهِۦ مِن شَيۡءٖۚ كَذَٰلِكَ
فَعَلَ ٱلَّذِينَ مِن قَبۡلِهِمۡۚ فَهَلۡ عَلَى ٱلرُّسُلِ إِلَّا ٱلۡبَلَٰغُ ٱلۡمُبِينُ
٣٥ وَلَقَدۡ بَعَثۡنَا فِي كُلِّ أُمَّةٖ رَّسُولًا أَنِ ٱعۡبُدُواْ ٱللَّهَ
وَٱجۡتَنِبُواْ ٱلطَّٰغُوتَۖ فَمِنۡهُم مَّنۡ هَدَى ٱللَّهُ وَمِنۡهُم مَّنۡ
حَقَّتۡ عَلَيۡهِ ٱلضَّلَٰلَةُۚ فَسِيرُواْ فِي ٱلۡأَرۡضِ فَٱنظُرُواْ كَيۡفَ
كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلۡمُكَذِّبِينَ ٣٦ إِن تَحۡرِصۡ عَلَىٰ هُدَىٰهُمۡ
فَإِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهۡدِي مَن يُضِلُّ وَمَا لَهُم مِّن نَّٰصِرِينَ ٣٧
وَأَقۡسَمُواْ بِٱللَّهِ جَهۡدَ أَيۡمَٰنِهِمۡ لَا يَبۡعَثُ ٱللَّهُ مَن يَمُوتُۚ بَلَىٰ
وَعۡدًا عَلَيۡهِ حَقّٗا وَلَٰكِنَّ أَكۡثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعۡلَمُونَ ٣٨
لِيُبَيِّنَ لَهُمُ ٱلَّذِي يَخۡتَلِفُونَ فِيهِ وَلِيَعۡلَمَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓاْ أَنَّهُمۡ
كَانُواْ كَٰذِبِينَ ٣٩ إِنَّمَا قَوۡلُنَا لِشَيۡءٍ إِذَآ أَرَدۡنَٰهُ أَن نَّقُولَ
لَهُۥ كُن فَيَكُونُ ٤٠ وَٱلَّذِينَ هَاجَرُواْ فِي ٱللَّهِ مِنۢ بَعۡدِ مَا ظُلِمُواْ
لَنُبَوِّئَنَّهُمۡ فِي ٱلدُّنۡيَا حَسَنَةٗۖ وَلَأَجۡرُ ٱلۡأٓخِرَةِ أَكۡبَرُۚ لَوۡ كَانُواْ
يَعۡلَمُونَ ٤١ ٱلَّذِينَ صَبَرُواْ وَعَلَىٰ رَبِّهِمۡ يَتَوَكَّلُونَ ٤٢

35. At sinabi ng mga walang pananam-palataya na nagtambal ng iba sa pagsamba sa Allâh: "*Kung ninais lamang ng Allâh na sasambahin namin Siya nang bukod-tangi ay hindi kami sasamba ng iba bukod sa Kanya*, *kami at ang aming mga ninuno na nauna sa amin*, *at hindi namin ipagbabawal ang anumang bagay na hindi ipinagbawal ng Allâh*."

Ang mga yaong naunang walang pananampalataya ay nangatwiran din ng ganitong pangangatwiran, subali't sila ay pawang mga sinungaling; dahil inutusan sila ng Allâh (ﷻ) at pinagbawalan, at pinagkalooban sila ng kakayahan na maisagawa ang anumang ipinag-uutos sa kanila, at nilikha para sa kanila ang lakas at kagustuhan na nagagawa nila ang anuman na kanilang nais, na kung kaya, ang kanilang pangangatwiran sa pagpasiya at pagtakda ng Allâh (ﷻ) ay itinuturing na isang matinding pagkakamali pagkatapos silang balaan ng mga Sugo ng Allâh. Samakatuwid, ang tungkulin lamang ng mga Sugo ay pagpaparating ng mga malinaw na mensahe sa kung ano ang ipinag-utos sa kanila.

36. At katiyakan, nagpadala Kami sa bawa't sambayanan na mga nauna, ng Sugo na nag-uutos sa kanila sa pagsamba sa Allâh (ﷻ) at bukod-tanging pagsunod sa Kanyang kagustuhan at pag-iwas sa pagsamba ng iba bukod sa Kanya, na tulad ng mga '*Shaytân*,' mga rebulto at mga patay at anuman bukod sa mga ito na sinasandalan ng sinuman bukod sa Allâh.

Na kung kaya, mayroon sa kanila ang ginabayan ng Allâh (ﷻ) at sinunod ang Kanyang mga Sugo, at mayroon naman sa kanila ang sumalungat na ang kanyang sinunod ay daan ng pagkaligaw, na samakatuwid ay naging karapat-dapat sa kanya ang maligaw at siya ay hindi ginabayan ng Allâh (ﷻ).

Na kung kaya, maglakbay kayo sa kalupaan at masdan at saksihan ng inyong mga mata kung ano ang naging hantungan ng mga tumanggi at kung ano ang pagkawasak na nangyari sa kanila, nang sa gayon ay maging aral ito sa inyo.

37. Kung gagawin mo man, O Muhammad (ﷺ), nang lubusan ang anuman na iyong kakayahan upang gabayan ang mga walang pananampalatayang ito na nagtambal o sumamba ng iba, dapat mong mabatid na ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya ginabayan ang sinumang pinahintulutan Niyang maligaw, at wala sila na kahit na sinuman bukod sa Allâh (ﷻ) na tutulong at maglalayo sa kanila mula sa Kanyang parusa.

38. Sumumpa sila na mga walang pananampalataya na nagtambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh, nang napakabigat na sinumpaan, na katiyakang ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya bubuhaying mag-uli ang sinumang namatay pagkatapos mabulok at maging alabok ang kanyang katawan. Walang pag-aalinlangan, sila ay katiyakang bubuhayin na mag-uli ng Allâh (ﷻ) at ito ay pangako ng katotohanan, magkagayunpaman, karamihan sa mga tao ay hindi nila alam ang kakayahan ng Allâh (ﷻ) sa pagbuhay sa kanila na mag-uli, kaya ito ay kanilang tinatanggihan.

39. Bubuhaying mag-uli ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng mga alipin; upang linawin sa kanila ang katotohanan hinggil sa Pagkabuhay na Mag-uli na hindi nila pinagkasunduan, at upang mabatid ng mga mananampalataya na sila ay katiyakang nasa katotohanan at mabatid din ng mga walang pananampalataya na tumanggi na sila ay nasa pagkakamali at sila sa katotohanan ay mga nagsinungaling noong sila ay sumumpa na walang sinuman ang mababuhay na mag-uli.

40. Katiyakan, ang Pagkabuhay na Mag-uli ay napakadali para sa Amin, at katiyakan na kapag ninais Namin ang anumang bagay ay sasabihin lamang Namin para rito: "*Kun*," at ito ay kaagad na mangyayari.

41. At ang mga yaong nilisan nila ang kanilang bayan nang alang-alang sa Allâh (ﷻ) at nangibang-bayan sila pagkatapos ng pang-aapi sa kanila, katiyakan na pagkakalooban Namin sila ng magandang tahanan dito sa daigdig, subali't ang gantimpala sa Kabilang-Buhay ay nakahihigit at dakila; dahil ang gantimpala nila roon ay '*Al-Jannah*.' Na kung kaya, kung batid lamang ng mga yaong nanatili na hindi nangibang-bayan na may tiyak na kaalaman kung ano ang ipinagkakaloob ng Allâh (ﷻ) na gantimpala sa mga nangibang-bayan nang alang-alang sa Allâh (ﷻ) ay walang sinuman ang magpapaiwan sa kanila.

42. Sila na mga nangibang-bayan tungo sa Daan ng Allâh, ay sila ang mga yaong nagtiis upang maisakatuparan nila ang mga ipinag-uutos ng Allâh (ﷻ) at maiwasan ang mga ipinagbabawal, at sa mga pangyayari na mga kapighatian na itinakda ng Allâh (ﷻ); at sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha lamang nila ipinauubaya ang kanilang mga sarili kaya't sila ay naging karapat-dapat sa dakilang parangal na ito.



43. At hindi Kami nagpadala sa mga nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), kundi mga Sugo na mga kalalakihan at hindi mga anghel, na nagpahayag Kami sa kanila ng mga Rebelasyon. Na kung kaya, kung kayo na mga walang pananampalataya na mga Quraysh, na nagtambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh ay hindi naniniwala hinggil dito, tanungin ninyo kung gayon, ang mga naunang '*Ahlul Kitâb*' (mga Hudyo at mga Kristiyano) at sasabihin nila sa inyo na ang mga Propeta ay mga tao, kung talagang hindi ninyo batid na sila ay mga tao.

At ang talatang ito ay bilang pangkahalatan na patungkol sa lahat ng bagay na may kinalaman sa Relihiyon (o '*Deen*'), na kapag ang isang tao ay mayroon siyang hindi alam ay nararapat na magtanong siya sa sinumang nakaaalam na pinagkaloban ng kaalaman.

44. At ipinadala Namin ang mga naunang mga Sugo na dala-dala nila ang mga malilinaw na mga katibayan at mga Aklat na mula sa Allâh (ﷻ), at ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Qur'ân upang ipaliwanag sa mga tao ang anumang hindi nila naintindihan na mga kahulugan at mga batas, at upang mapag-aralan nila ito at magabayan sila ng Allâh (ﷻ) para rito.

45-47. Nakatitiyak ba ang mga walang pananampalataya na nagpakana ng mga masasamang balakin, na hindi sasanhiin ng Allâh (ﷻ) na sila ay lamunin ng kalupaan na katulad ng nangyari kay Qârun, o di kaya ay darating sa kanila ang kaparusahan nang hindi nila namamalayan at hindi nila inaasahan, o di kaya ay pupuksain sila bilang parusa habang sila ay paroo't parito na gumagala-gala sa kanilang paglalakbay?

Hindi nila mauunahan ang Allâh (ﷻ) at hindi sila makaliligtas mula sa Kanyang kaparusahan; dahil Siya ay katiyakang Tunay na Makapangyarihan na walang sinuman ang makagagapi sa Kanya, o di kaya ay pupuksain sila ng Allâh (ﷻ) habang

sila ay natatakot na mangyari sa kanila ang delubyo, pagkasira ng kanilang mga yaman at pagkamatay ng ilan sa kanila? Walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang '***Raouf***' – Punung-Puno ng Habag at Kabaitan, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

48. Hindi ba napagmasdan ng mga walang pananampalataya ang anumang nilikha ng Allâh (ﷻ) na mayroong anino, na katulad ng mga bundok at mga puno, na lumilihis ang mga anino nito, minsan ay sa gawing kanan at minsan naman ay sa gawing kaliwa, na sumusunod sa galaw ng araw, sa araw, o sa gabi naman ay sa buwan, ang lahat ng mga ito ay nasa ilalim ng kadakilaan ng '*Rabb*' na Tagapaglikha ng mga ito, sa Kanyang kapangyarihan, at ang mga ito ay nasa ilalim ng Kanyang pangangasiwa at pagtatangan?

49. Bukod-tangi na sa Allâh (ﷻ) lamang nagpapatirapa ang lahat ng mga nasa kalangitan at ang lahat ng nasa kalupaan, ang mga gumagalaw na mga nilikha, at ang mga anghel ay nagpapatirapa rin sa Allâh (ﷻ), at kailanman ay hindi sila nagmataas sa pagsamba sa Kanya, at binukod-tangi ang pagbanggit sa kanila pagkatapos ng pagbanggit sa mga bagay na nilikha ng Allâh bilang pagpaparangal sa kanila dahil sa rami ng kanilang pagsamba.

50. Kinatatakutan ng mga anghel ang kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na Siya sa Kanyang Sarili ay nasa ibabaw nilang lahat. At sa Kanyang Pangunguntrol at sa lahat ng kabuuan ng Kanyang Katangian; at isinasagawa nila ang anumang ipinag-utos sa kanila ng Allâh (ﷻ) na pagsunod sa Kanya. Ang talatang ito ay pagpapatunay hinggil sa katangian ng Allâh (ﷻ) na pagiging Mataas o Kataas-taasan at Kanyang pangingibabaw sa lahat ng Kanyang mga nilikha na angkop na angkop sa Kanyang kadakilaan at kaganapan.

51. Sinabi ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin: "*Huwag kayong sumamba sa dalawang diyos*, *dahil walang pag-aalinlangan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang Siyang Bukod-Tangi na Nag-iisang* '*Ilâh*' *na karapat-dapat lamang na sambahin. Na kung kaya*, *Ako lamang ang dapat na katakutan at walang sinuman bukod sa Akin*."

52. At ang Allâh (ﷻ) lamang ang Siyang Nagmamay-ari ng lahat ng anumang nasa kalangitan at kalupaan, ang paglikha nito, pamamahala at pagiging alipin ng lahat sa Kanya, at para lamang sa Kanya na Bukod-Tangi ang Relihiyon ('*Deen*') – ang pagsamba, pagsunod at patuloy na pagiging dalisay sa layunin; samakatuwid, karapat-dapat ba sa inyo na matakot sa iba bukod sa Allâh at sasambahin ninyo?

53. At kung anuman ang mga tinataglay ninyong biyaya at patnubay, o di kaya ay kalusugan sa pangangatawan, at saganang kabuhayan at pagkakaroon ng mga anak at iba pa, ang mga ito ay sa Allâh (ﷻ) lamang nagmula na Bukod-Tangi dahil Siya ang nagbiyaya nito sa inyo. Na kung kaya, kapag dumating sa inyo ang karamdaman, pagsubok at tagtuyot ay sa Allâh (ﷻ) lamang kayo na Bukod-Tangi manalangin at humingi ng tulong.

54. Pagkatapos, noong naalis na ang mga sakuna at karamdaman mula sa inyo, masdan! Ang isang grupo sa inyo ay nagtambal ng iba sa pagsamba sa Allâh, gayong ito (ang pagsamba nang bukod-tangi) ay para lamang sa Allâh (ﷻ) na Tagapagkaloob ng biyaya na Siyang nagligtas sa kanila.

55. Na kung kaya, sila ay hindi marunong tumanaw ng utang na loob sa anuman na Aming ipinagkaloob sa kanila, kabilang dito ay ang pagligtas sa kanila sa mga sakuna at karamdaman, na kung kaya, magpakasaya kayo sa inyong makamundong buhay, dahil di maglalaon ito ay magtatapos din, at walang pag-aalinlangan, mababatid ninyo ang bunga ng inyong pagsuway at paglabag.

56. At kabilang sa kasamaan ng kanilang mga gawain ay naglalagay sila ng bahagi (o parte) para sa kanilang mga diyus-diyusan na sinasamba, na mula sa kanilang kayamanan na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila, bilang pagsisilbi rito, kahit na ang mga ito ay walang anumang alam, na hindi nakapagdudulot ng pakinabang at hindi nakapipinsala. Ang Allâh (ﷻ) ay sumumpa na kayo ay katiyakang tatanungin sa Kabilang-Buhay sa anuman na inyong inimbento na mga kasinungalingan laban sa Allâh (ﷻ).

57. At inilalaan ng mga walang pananampalataya sa Allâh ang mga kababaihan, na kanilang sinasabi: "*Ang mga anghel ay mga anak na kababaihan ng Allâh*." Luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Siya ay Napakataas na malayung-malayo hinggil sa kanilang mga sinasabing kasinungalingan, at inilalaan naman nila sa kanilang mga sarili ang mga nagugustuhan nila na mga anak na mga kalalakihan.

58. At kapag dumating ang tagapagbigay ng balita sa isa sa kanila na siya ay nagkaroon ng anak na babae ay mangingitim ang kanyang mukha sa pagkapoot hinggil sa kanyang narinig, at siya ay punung-puno ng pagdadalamhati at kalungkutan.

59. Magtatago siya sa kanyang sambayanan dahil sa masamang pangyayari na naganap sa kanyang buhay na nagdulot ng kalungkutan at kahihiyan; dahil sa pagkakaroon niya ng anak na babae, at siya ay naguguluhan sa pagkakaroon ng anak na ito, na kung pananatilihin ba niyang buhay ito na kalakip ang paghamak at

kawalan ng karangalan, o di kaya ay ililibing ba niya ito na buhay sa kalupaan? Walang pag-aalinlangan, napakasama ng kanilang panuntunan sa pamamagitan ng paglalaan o pagturing nila ng mga anak na babae para sa Allâh (ﷻ) at ang mga kalalakihan naman ay sa kanila.

60. Para sa mga hindi naniwala sa Kabilang-Buhay at hindi nila ito pinaghandaan, ay bilang paglalarawan lamang ng mga masama nilang katangian na kahinaan, paghihikahos, kamangmangan at di-paniniwala; at para naman sa Allâh (ﷻ) ay ang napakataas na mga katangian, ang pagiging ganap ng Allâh (ﷻ) na hindi nangangailangan ng kahit na anuman sa Kanyang mga nilikha. Siya ay ‘`***Al-Azeez***’ – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang Kaharian, na ‘***Al-Hakeem***’ – ang Ganap na Maalam sa Kanyang Pangangasiwa.

61. At kung paparusahan lamang ng Allâh (ﷻ) ang sangkatauhan dahil sa kanilang di-paniniwala at pag-imbento ng kasinungalingan, ay hindi Niya pahihintulutan na may matitira pang kahit na isang buhay na bagay sa kalupaan, subali’t pinanatili sila ng Allâh (ﷻ) hanggang sa panahong nakatakda para sa kanila na ito ay ang katapusan ng kanilang buhay, at kapag dumating ang pagkakatakda ng oras na yaon, kailanman ay hindi nila ito maiaantala nang kahit na sandali at hindi nila ito maiuusad.

62. At kabilang sa pagiging kasamaan nila: Na sila sa katotohanan, inilalaan nila sa Allâh (ﷻ) ang anuman na kinamumuhian nila sa kanilang mga sarili na tulad ng pagkakaroon ng mga anak na kababaihan, at sinasabi ng kanilang mga dila bilang pagsisinungaling na para sa kanila ang magandang hantungan, walang pag-aalinlangan, ang para sa kanila ay Impiyernong-Apoy at doon sila ay pababayaan at kalilimutan.

63. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Kanyang Sarili, katotohanang nagpadala Kami ng mga Sugo sa mga sambayanan na nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), subali’t ginawang kaiga-igaya at pinaganda ni ‘*Shaytân*’ sa kanilang paningin ang kanilang mga ginawang pagtanggi, di-paniniwala, pagsisinungaling at pagsamba ng iba bukod sa Allâh, na siya (‘*Shaytân*’) ay patuloy na nagliligaw sa kanila rito sa daigdig at ang para sa kanila sa Kabilang-Buhay ay masidhing kaparusahan.

64. At hindi Namin ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Qur’ân kundi upang linawin sa mga tao ang hindi nila pinagkakasunduan hinggil sa ‘*Deen*’ (o Relihiyon) at mga alituntunin nito, upang maging matibay ang pangangatwiran laban sa kanila dahil sa iyong pagpapaliwanag, at bilang gabay din at awa sa mga taong naniwala.



65. At ang Allâh (ﷻ) ay nagbaba mula sa ulap ng ulan, na pinasisibol Niya sa pamamagitan nito ang mga pananim sa kalupaan pagkatapos ng pagiging tuyot nito, walang pag-aalinlangan, sa pagpapababa ng ulan at sa pagpapasibol ng mga pananim sa tuyot na kalupaan ay isang palatandaan sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) ang Kakayahang bumuhay na mag-uli at sa Kanyang Kaisahan, para sa mga tao na nakikinig at inuunawa ang kanilang mga naririnig, na sinusunod nila ang Allâh (ﷻ) at kinatatakutan.

66. At katiyakan, para sa inyo, O kayong mga tao, mula sa mga hayop ay mga aral: mga kamelyo, baka at kambing, dahil katiyakang nakikita ninyo na pinaiinom Namin kayo mula sa tiyan ng mga ito, ng gatas na puting-puti, sariwa, puro (dalisay) at manamis-namis, gatas na nagmumula sa pagitan ng '*farth*' (imbakan ng dumi) at ng dugo, na malinis mula sa anumang di-kanais-nais na maihahalo rito, na masarap inumin.

67. At kabilang sa mga biyaya Namin sa inyo ay ang mga bunga ng mga puno ng palmera ng '*thamr*' at mga ubas, na nagmumula rito ang mga matatapang na inumin – bago pa ipinagbawal noon sa kanilang kapanahunan ang nakalalasing – at mabuting pagkain. Katiyakan, na sa mga nabanggit na bagay na ito ay may matibay na katibayan sa Kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) para sa mga tao na naiintindihan ang mga palatandaan at nagiging aral ito sa kanila.

68. At ginabayan ng inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang mga bubuyog na gumawa sila ng kanilang mga tahanan sa mga bundok, at gayundin sa mga puno at sa mga bahay na itinayo ng tao at mga silungan.

69. Pagkatapos ay kainin mo (bubuyog) ang anumang bunga na iyong nais, at sundin mo ang mga daan na ginawang madali ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha para sa iyo; upang makapaghanap ka ng ikabubuhay sa mga bundok at sa pagitan ng mga puno, at

katiyakang ginawa itong madali para sa iyo, na kung kaya, hindi ka na maliligaw pagbalik mo mula rito, kahit na malayo pa ang iyong marating.

Mayroong lumalabas mula sa mga tiyan ng bubuyog na pulot-pukyutan na inumin na iba't ibang kulay, na puti, dilaw, pula at iba pa; at nagsisilbi ito bilang gamot sa mga sakit ng tao. Katiyakan, sa likas na mga katangian ng insektong ito ay isang napakatibay na palatandaan sa Kapangyarihan ng Lumikha, para sa mga taong nag-iisip at kumukuha ng aral.

70. At Nilikha kayo ng Allâh (ﷻ) at pagkatapos ay sasanhiin Niya na kayo ay mamatay sa dulo ng inyong buhay, at mayroon sa inyo ang inaabot ng matinding katandaan, na ibinabalik sa pagiging isip-bata o pagiging ulyanin, na nawawala ang kanilang kaalaman pagkatapos nilang magkaroon ng kaalaman. Katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam, na '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan, at saklaw ng Kanyang Kaalaman at Kapangyarihan ang lahat ng bagay, at ang Allâh (ﷻ) na Siyang nagbabalik sa tao sa ganitong kalagayan, ay Siya rin kung gayon ang May Kakayahan na sanhiin itong mamatay pagkatapos ay buhayin na mag-uli.

71. At ang Allâh (ﷻ) ay pinipili Niya nang higit ang iba sa inyo kaysa sa iba sa pagkakaloob Niya ng kabuhayan dito sa daigdig, na kung kaya, mayroon sa inyo ang mayaman at mayroon din sa inyo ang mahirap, at mayroon sa inyo ang mga tagapagmay-ari (na ang ibig sabihin ay malayang tao at hindi alipin) at mayroon din naman sa inyo ang nasa ilalim ng pagmamay-ari ng iba (na ang ibig sabihin ay alipin), na hindi binibigyan ng mga yaong tagapagmay-ari (ng alipin) ang sinumang alipin nila mula sa anumang tinataglay nila na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila, nang sa gayon ay maging kapantay nila ang mga ito sa yaman, na kung kaya, kung hindi nila matatanggap sa kanilang mga sarili ang ganitong kalagayan, paano nila ito matatanggap sa Allâh (ﷻ) na Siya ay magkakaroon ng katambal mula sa Kanyang mga alipin? Walang pag-aalinlangan, ganito ang pinakamatinding panlalamang at paglabag sa mga Biyaya ng Allâh.

72. At ang Allâh (ﷻ) ay nilikha Niya mula sa inyong lahi ang inyong mga asawa; upang kayo ay maging mapanatag sa inyong pagsasama, at nilikha ng Allâh (ﷻ) mula sa inyong mga asawa ang inyong mga sanggol at mula rin sa kanila ang inyong mga inapo, at pinagkalooban kayo ng mga masasarap na mga pagkain mula sa mga bunga at mga butil at mga karne at iba pa. Kung gayon, sa mga walang kabuluhan ba na mga diyus-diyusan na itinatambal nila sila ay naniniwala, at sa mga biyaya ba ng Allâh (ﷻ) na hindi mabilang-bilang ay hindi nila pinahahalagahan at hindi sila tumatanaw ng utang na loob sa pamamagitan ng bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya?



73. At sinamba ng mga ‘*Mushrikûn*’ ang mga rebulto na walang kakayahang pagkalooban sila ng kahit na anumang ikabubuhay mula sa kalangitan na katulad ng ulan, at gayundin mula sa kalupaan na katulad ng pagsibol ng mga pananim, dahil sila ay walang anumang kakayahan at pagmamay-ari, at hindi sila maaaring maging tagapagmay-ari ng mga ito dahil sila ay walang anumang kakayahan.

74. At kapag nalaman ninyo na ang mga diyus-diyusan at mga rebulto ay walang silbi, huwag kayong gumawa ng pagtatambal sa Allâh, na ipinaparehas ninyo sa Allâh (ﷻ) ang anumang mula sa Kanyang nilikha at itinatambal ninyo ito sa pagsamba sa Kanya.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay batid Niya kung ano ang inyong ginagawa, samantalang kayo ay nalilinlang na walang kaalam-alam sa inyong pagkakamali at sa masamang ibubunga nito sa inyo.

75. Nagbigay ng halimbawa ang Allâh (ﷻ) na inilalantad Niya ang kamalian ng paniniwala ng mga nagtatambal o sumasamba ng iba bukod sa Allâh: ang isang lalaking alipin na nasa ilalim ng pagmamay-ari ng iba na walang kakayahan at walang anumang pagmamay-ari na tinataglay, at ang isang malayang lalaki na may kayamanan na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanya, na malaya siyang gamitin ang anuman na kanyang pagmamay-ari, na gumagasta siya mula rito nang palihim at lantad, maaari bang sabihin ng sinumang may katalinuhan na magkatulad ang dalawang lalaking ito?

Samakatuwid, ganoon ang Allâh (ﷻ) na Tagapaglikha na Pagmamay-ari Niya ang lahat ng Kanyang nilikha, na ginagawa Niya ang anuman na Kanyang nais, na kailanman ay hindi maaaring maging kaparehas ng anuman na Kanyang nilikha at Kanyang mga alipin, na kung kaya, paano ninyo pinagpantay ang dalawa?

Ang papuri ay sa Allâh (ﷻ) lamang na Bukod-Tangi, na Siya lamang ang karapat-dapat na purihin at dakilain, subali’t karamihan sa nagtatambal o sumasamba ng iba

bukod sa Allâh ay hindi nila alam na ang mga papuri at biyaya ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ), at walang pag-aalinlangang Siya lamang ang bukod-tangi na karapat-dapat sambahin.

76. At nagbigay pa rin ang Allâh (ﷻ) ng halimbawa ng dalawang lalaki bilang pagwawalang-saysay sa kanilang itinatambal o sinasamba na iba bukod sa Allâh: ang isa sa kanila ay pipi at bingi na hindi nakaiintindi at hindi naiintindihan ang kanyang sinasabi, na walang kakayahan na magdudulot ng anumang kapakinabangan sa kanyang sarili o di kaya ay sa iba, sa halip ay pabigat lamang sa sinumang nag-aalaga sa kanya, na kapag inuutusan siya ng kanyang tagapangasiwa ng anumang bagay na ipagagawa sa kanya ay hindi niya ito magagawa at wala itong silbi at wala itong idinudulot na anumang kabutihan; at isang lalaki naman na walang kapansanan sa buong katawan, na nakagagawa ng kapakinabangan sa kanyang sarili at sa iba, at nakapag-uutos ng pagiging makatarungan, na siya ay nasa Matuwid at Malinaw na landas, maaari bang magkaparehas ang dalawang taong ito sa paningin ng mga matatalino? Kung gayon, paano ipinaparehas ang rebulto na pipi at bingi sa Allâh (ﷻ) na Ganap na Makapangyarihan na nagkakaloob ng lahat ng mga mabubuting biyaya?

77. At Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) ang lihim na Kaalaman sa mga kalangitan at kalupaan, at ang hinggil sa Oras ng pagkagunaw ng sandaigdigan ay kundi katulad lamang ng pagkurap ng isang mata o mabilis pa kaysa rito. Walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat at May Kakayahan na gawin ang lahat ng bagay.

78. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagpaluwal sa inyo mula sa mga sinapupunan ng inyong mga ina pagkatapos ng takdang panahon ng pagdadalantao sa inyo, na wala kayong nalalaman na anumang bagay mula sa inyong kapaligiran, at pagkatapos ay pinagkalooban Niya kayo ng pandinig, paningin at mga puso upang kayo ay makabatid; nang sa gayon ay tatanaw kayo ng utang na loob sa Allâh (ﷻ) sa mga biyayang ito at Siya lamang ang inyong bukod-tanging sasambahin.

79. Hindi ba nakikita ng mga nagtatambal o sumasamba ng iba bukod sa Allâh, ang mga ibon, na ginawang madali para sa mga ito ang paglipad sa himpapawid sa pagitan ng kalangitan at kalupaan sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ)? Walang sinuman ang nangangalaga sa mga ito upang hindi bumagsak kundi ang Allâh (ﷻ) dahil sa paglikha Niya nang ganitong katangian at kakayahan.

Walang pag-aalinlangan, ang pagkakaloob ng Allâh (ﷻ) ng ganitong kakayahan upang mapadali sa kanila at ang pagpapanatili ng mga ito sa kalawakan ay mga palatandaan sa mga taong naniniwala sa anuman na kanilang nakikita na mga palatandaan na nagpapatunay sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ).



80. At ang Allâh (ﷻ) ay ginawa Niya para sa inyo, ang inyong mga tahanan bilang pahingahan at kapanatagan kasama ang inyong mga pamilya at kayo ay nanatili sa inyong lugar, at ginawa rin niya para sa inyo, sa inyong paglalakbay bilang inyong silungan, ang mga balat ng hayop, upang maging magaan ang pagdala ninyo nito sa oras ng inyong paglalakbay at magiging magaan din para sa inyo ang pagtatayo nito sa oras ng inyong pagpapanatili pagkatapos ng inyong paglalakbay, at ginawa pa rin Niya para sa inyo mula sa mga balahibo (lana o '*wool*') ng tupa, buhok (o '*fur*') ng kamelyo at balahibo ng kambing, ginawa Niya ang mga ito bilang kagamitan sa inyong mga tahanan na pantakip, kasuotan, panlatag at palamuti na pansamantalang nagpapaginhawa sa inyo hanggang sa huling sandali ng inyong buhay.

81. At ang Allâh (ﷻ) ay gumawa para sa inyo ng inyong mga silungan na tulad ng mga puno at iba pa, at gumawa rin Siya para sa inyo ng mga kublihan mula sa mga kabundukan, at gumawa rin Siya para sa inyo ng mga kasuotan mula sa mga bulak at lana upang mapangalagaan kayo mula sa init at lamig, at gumawa rin para sa inyo ng mga bakal bilang pangangalaga sa inyo at mga sandata ninyo kapag kinakalaban kayo sa labanan, at kung paano kayo biniyayaan ng Allâh (ﷻ) ng mga ganitong kagandahang-loob ay ginawa rin Niyang ganap para sa inyo ang Kanyang mga kagandahang-loob sa pamamagitan ng paghahayag Niya ng Relihiyon ng Katotohanan; upang sumuko at magpasailalim kayo sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi na hindi kayo magtatambal sa pagsamba sa Kanya ng kahit na anumang bagay.

82. Pagkatapos, kung sila ay tatalikod sa iyo, O Muhammad (ﷺ), pagkatapos nilang makita ang palatandaan ay huwag kang malungkot, dahil ang tungkulin mo lamang ay ipahayag nang malinaw ang anumang mensahe na dala-dala mo at ang gabay ay sa Amin lamang maisasakatuparan.

83. Batid ng mga nagtatambal o sumasamba ng iba bukod sa Allâh ang biyaya ng Allâh (ﷻ) sa kanila sa pamamagitan ng pagkakapadala kay Muhammad (ﷺ) sa kanila subali't tinanggihan nila ang biyayang ito at karamihan sa iyong sambayanan ay walang pananampalataya, tinanggihan nila ang iyong pagka-Propeta at hindi nila tinanggap.

84. At ipaalaala mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), ang mangyayari sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na sa Araw na yaon ay palilitawin Namin sa bawa't Nasyon ang Sugo na ipinadala sa kanila upang tumestigo sa paniniwala ng sinumang naniwala at paglabag ng sinumang hindi naniwala, pagkatapos ang mga yaong hindi naniwala ay hindi pahihintulutan na mangatwiran hinggil sa anumang nangyari sa kanila at hindi sila pahihintulutang makapagsisi at humingi ng kapatawaran sa Allâh (ﷻ), dahil nakalipas na ang panahong yaon.

85. At kapag nakita ng mga yaong tumanggi sa katotohanan ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ) sa Kabilang-Buhay, na ito ay hindi pagagaanin sa kanila, at hindi sila bibigyan ng kahit na kaunting palugit ni iaantala sa kanila ang kaparusahan.

86. At kapag nakita ng mga nagtambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ang kanilang mga diyus-diyusan na kanilang sinamba, na kanilang ipinantay sa Allâh (ﷻ), sasabihin nila: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Sila ang mga itinambal namin sa pagsamba sa Iyo*," at magsasalita ang mga diyus-diyusan na kanilang sinamba na pasisinungalingan nito ang sumamba sa kanila, at magsasabi: "*Katiyakan*, *kayo na mga nagtambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh ay mga sinungaling*, *noong ginawa ninyo kami na katambal sa pagsamba sa Allâh at sinamba ninyo kami na kapantay ng Allâh* (ﷻ), *gayong hindi naman namin kayo inutusan na gawin ito at hindi namin inangkin na kami ay karapat-dapat na sambahin*, *na kung kaya, kayo lamang kung gayon ang karapat-dapat na sisihin*."

87. At sila na mga walang pananampalataya ay magpapakita ng ganap na pagsuko at pagpapasailalim sa Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at maglalaho sa kanila ang anuman na kanilang inangkin na mga kasinungalingan na ang kanilang mga diyus-diyusan ay mamamagitan sa kanila.

الَّذِينَ كَفَرُوا وَصَدُّوا عَن سَبِيلِ اللَّهِ زِدْنَاهُمْ عَذَابًا فَوْقَ
الْعَذَابِ بِمَا كَانُوا يُفْسِدُونَ ﴿٨٨﴾ وَيَوْمَ نَبْعَثُ فِي كُلِّ
أُمَّةٍ شَهِيدًا عَلَيْهِم مِّنْ أَنفُسِهِمْ وَجِئْنَا بِكَ شَهِيدًا عَلَىٰ
هَٰؤُلَاءِ ۚ وَنَزَّلْنَا عَلَيْكَ الْكِتَابَ تِبْيَانًا لِّكُلِّ شَيْءٍ وَهُدًى
وَرَحْمَةً وَبُشْرَىٰ لِلْمُسْلِمِينَ ﴿٨٩﴾ ۞ إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ
وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ
وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ ۚ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ
﴿٩٠﴾ وَأَوْفُوا بِعَهْدِ اللَّهِ إِذَا عَاهَدتُّمْ وَلَا تَنقُضُوا الْأَيْمَانَ
بَعْدَ تَوْكِيدِهَا وَقَدْ جَعَلْتُمُ اللَّهَ عَلَيْكُمْ كَفِيلًا ۚ إِنَّ
اللَّهَ يَعْلَمُ مَا تَفْعَلُونَ ﴿٩١﴾ وَلَا تَكُونُوا كَالَّتِي نَقَضَتْ
غَزْلَهَا مِن بَعْدِ قُوَّةٍ أَنكَاثًا تَتَّخِذُونَ أَيْمَانَكُمْ دَخَلًا
بَيْنَكُمْ أَن تَكُونَ أُمَّةٌ هِيَ أَرْبَىٰ مِنْ أُمَّةٍ ۚ إِنَّمَا يَبْلُوكُمُ
اللَّهُ بِهِ ۚ وَلَيُبَيِّنَنَّ لَكُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ مَا كُنتُمْ فِيهِ تَخْتَلِفُونَ ﴿٩٢﴾
وَلَوْ شَاءَ اللَّهُ لَجَعَلَكُمْ أُمَّةً وَاحِدَةً وَلَٰكِن يُضِلُّ مَن
يَشَاءُ وَيَهْدِي مَن يَشَاءُ ۚ وَلَتُسْأَلُنَّ عَمَّا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٩٣﴾

88. Ang mga yaong tinanggihan nila ang iyong pagka-Propeta, O Muhammad (ﷺ), at pinasinungalingan ka nila at hinarangan nila ang iba sa daan patungo sa paniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, daragdagan Namin ang parusa sa kanila ng karagdagan pang kaparusahan na napakasidhi dahil sa kanilang ginawa na pagtanggi at sa ginawa nilang pagpigil sa mga tao na sumunod sa katotohanan; at sa kanilang sadyang pamiminsala at pagligaw sa mga tao upang labagin ang Allâh (ﷻ) at gumawa ng kasalanan.

89. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), sa Araw ng Muling Pagkabuhay na kung saan sa Araw na yaon ay magpapalitaw sa bawa't nasyon ng titestigo laban sa kanila, na ito ay ang bawa't Sugong ipinadala ng Allâh (ﷻ) mula sa kanilang sariling lahi at wika, at dadalhin ka Namin, O Muhammad (ﷺ), bilang testigo sa iyong sambayanan. At katotohanan na Aming ibinaba sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Dakilang Qur'ân upang linawin ang lahat ng bagay at ipaliwanag ang mga ito nang ganap, na tulad ng alituntunin hinggil sa '*halâl*' at '*harâm*' (pagpapahintulot at pagbabawal), gantimpala at kaparusahan at iba pa, at upang maging gabay mula sa pagkaligaw, at habag sa sinumang maniniwala mula rito, at magandang balita para sa mga Muslim (mga isinusuko nang ganap ang buong sarili sa kagustuhan ng Allâh ﷻ) dahil sa mabuti ang kanilang patutunguhan.

90. Walang pag-aalinlangan, inutusan ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang mga alipin sa Dakilang Qur'ân ng pagiging makatarungan at tamang paniniwala sa karapatan ng Allâh (ﷻ) hinggil sa Kanyang Kaisahan at di-pagsasagawa ng pagtatambal sa pagsamba sa Kanya, at sa karapatan ng Kanyang mga alipin na ibigay sa bawa't isa sa kanila ang anumang nararapat na para sa kanila at ipag-utos ang pagiging mabuti hinggil sa karapatan ng Allâh (ﷻ) na bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya at pagsagawa ng Kanyang mga ipinag-uutos sa tamang kaparaanan, at sa karapatan ng Kanyang mga nilikha sa salita at gawa, at pag-uutos ng pagbibigay sa mga kamag-anak ng anumang bagay na magpapatibay ng kanilang ugnayang magkakamag-anak

at pakikitungo nang mabuti sa kanila, at ipinagbawal Niya ang anumang kasamaan, salita man ito o gawa, at ang anumang bagay na hindi katanggap-tanggap sa batas at hindi kalugud-lugod sa paningin ng Allâh (ﷻ) na katulad ng paglabag at pagsagawa ng mga kasalanan, at ganoon din ang pagbabawal hinggil sa pang-aapi at paghamak sa kapwa tao, at sa ganitong pamamaraan na pag-uutos at pagbabawal, ay bilang pagpapayo sa inyo at pagpapaalaala ng Allâh (ﷻ) hinggil sa magiging bunga o kahihinatnan nito, upang kayo ay makaunawa sa ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) at makinabang para rito.

91. At tuparin ninyo ang lahat ng pangako na inyong ipinangako sa pagitan ninyo at sa pagitan ng Allâh (ﷻ), o di kaya ay sa pagitan ninyo at ng mga tao hangga't ito ay hindi labag sa Aklat ng Allâh at sa '*Sunnah*' ng Kanyang Propeta, at huwag ninyong talikuran ang sinumpaan ninyong pangako pagkatapos ninyo itong tiyakin (o seguruhin), dahil katiyakan, kapag nangako kayo nang ganito ay hinirang ninyo ang Allâh (ﷻ) bilang garantiya upang paniwalaan ang inyong pangako. Katiyakan, batid ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng inyong mga ginagawa at ayon dito kayo ay gagantihan.

92. At huwag kayong tumalikod sa inyong mga pangako, dahil magiging katulad ninyo kung gayon ang isang babae na humahabi (o gumagawa) ng tela, na pinagbuti niya ang pagsasagawa nito at pagkatapos ay kinalas niya rin ito, na ang paggawa ninyo ng mga sinumpaang pangako sa oras ng panunumpa ay panlilinlang lamang sa inyong pinangakuan, at sinisira ninyo ang inyong mga pangako kapag nakatagpo kayo ng ibang grupo na higit na mayaman at higit na malaki ang inyong kapakinabangan kaysa sa mga tao na pinangakuan ninyo.

Katiyakan, sinusubok lamang kayo ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang pag-uutos na tuparin ang mga pangako at sa Kanyang pagbabawal na ito ay sirain, at walang pag-aalinlangan, lilitaw para sa inyo sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang anuman na hindi ninyo pinagkasunduan dito sa daigdig hinggil sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa pagiging Propeta ni Propeta Muhammad (ﷺ).

93. At kung ginusto lamang ng Allâh (ﷻ) ay ginabayan Niya kayong lahat, na gagawin Niya kayong nagkakaisa sa iisang paniniwala at paniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) na ito ay ang Islâm at pananatilihin Niya kayo rito, subali't pinahihintulutan Niya ang sinuman na Kanyang nais na iligaw mula sa sinuman na alam Niya na pipiliin nito ang pagkaligaw at hindi Niya gagabayan bilang makatarungang paghatol mula sa Kanya; at gagabayan Niya ang sinuman na Kanyang nais mula sa sinumang alam Niya na pipiliin nito ang katotohanan at papatnubayan Niya ito bilang kagandahang-loob mula sa Kanya. At katiyakan, tatanungin kayong lahat ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay hinggil sa kung ano ang ginawa ninyo rito sa daigdig patungkol sa kung ano ang Kanyang ipinag-utos at kung ano ang Kanyang ipinagbawal sa inyo at ayon dito kayo ay gagantihan.


وَلَا تَتَّخِذُوٓا۟ أَيْمَٰنَكُمْ دَخَلًۢا بَيْنَكُمْ فَتَزِلَّ قَدَمٌۢ بَعْدَ ثُبُوتِهَا
وَتَذُوقُوا۟ ٱلسُّوٓءَ بِمَا صَدَدتُّمْ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ۖ وَلَكُمْ عَذَابٌ
عَظِيمٌ ﴿٩٤﴾ وَلَا تَشْتَرُوا۟ بِعَهْدِ ٱللَّهِ ثَمَنًا قَلِيلًا ۚ إِنَّمَا عِندَ ٱللَّهِ
هُوَ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٩٥﴾ مَا عِندَكُمْ يَنفَدُ ۖ
وَمَا عِندَ ٱللَّهِ بَاقٍ ۗ وَلَنَجْزِيَنَّ ٱلَّذِينَ صَبَرُوٓا۟ أَجْرَهُم بِأَحْسَنِ
مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٩٦﴾ مَنْ عَمِلَ صَٰلِحًا مِّن ذَكَرٍ
أَوْ أُنثَىٰ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَلَنُحْيِيَنَّهُۥ حَيَوٰةً طَيِّبَةً ۖ وَلَنَجْزِيَنَّهُمْ
أَجْرَهُم بِأَحْسَنِ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٩٧﴾ فَإِذَا قَرَأْتَ ٱلْقُرْءَانَ
فَٱسْتَعِذْ بِٱللَّهِ مِنَ ٱلشَّيْطَٰنِ ٱلرَّجِيمِ ﴿٩٨﴾ إِنَّهُۥ لَيْسَ لَهُۥ سُلْطَٰنٌ
عَلَى ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ ﴿٩٩﴾ إِنَّمَا
سُلْطَٰنُهُۥ عَلَى ٱلَّذِينَ يَتَوَلَّوْنَهُۥ وَٱلَّذِينَ هُم بِهِۦ مُشْرِكُونَ
﴿١٠٠﴾ وَإِذَا بَدَّلْنَآ ءَايَةً مَّكَانَ ءَايَةٍ ۙ وَٱللَّهُ أَعْلَمُ
بِمَا يُنَزِّلُ قَالُوٓا۟ إِنَّمَآ أَنتَ مُفْتَرٍۭ ۚ بَلْ أَكْثَرُهُمْ لَا يَعْلَمُونَ
﴿١٠١﴾ قُلْ نَزَّلَهُۥ رُوحُ ٱلْقُدُسِ مِن رَّبِّكَ بِٱلْحَقِّ لِيُثَبِّتَ
ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَهُدًى وَبُشْرَىٰ لِلْمُسْلِمِينَ ﴿١٠٢﴾

94. At huwag ninyong gawing paraan ang inyong sinumpaang pangako para linlangin ang sinumang pinangakuan ninyo, dahil mapapahamak at magkakagulo kayo pagkatapos ninyong maging tahimik sa inyong pamumuhay, na katulad ng isang tao na nadulas ang kanyang mga paa pagkatapos nitong maging matatag sa pagkakatayo, at matitikman ninyo ang kinamumuhian ninyo na mga parusa rito sa daigdig; dahil naging sanhi kayo na pigilin ang iba sa pagsunod sa Relihiyong Islâm dahil sa nakita niya sa inyo na pagiging taksil, at ang para sa inyo sa Kabilang-Buhay ay masidhing kaparusahan.

95. At huwag ninyong kasangkapanin ang inyong sinumpaang pangako sa Pangalan ng Allâh (ﷻ); na ipagpapalit ninyo ito sa kakaunting halaga na kaligayahan dito sa daigdig, dahil katiyakang ang gantimpala na nagmula sa Allâh (ﷻ) dahil sa inyong pagtupad ng sinumpaang pangako ay nakahihigit para sa inyo kaysa sa kakaunting halaga na makamundo, kung ito ay batid ninyo lamang na may wastong kaalaman, at iniintindi ninyo ang pagkakaiba ng kaligayahan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

96. At ang anumang pagmamay-ari ninyo na mga pira-piraso na makamundong inyong tinataglay ay maglalaho, subali't ang anumang nasa Allâh (ﷻ) na para sa inyo na kabuhayan at gantimpala ay mananatili magpakailanman at hindi maglalaho.

Walang pag-aalinlangan, gagantimpalaan Namin ang sinumang tiniis niya ang hirap ng mga pag-uutos – kabilang dito ang pagsasakatuparan ng pangako – ng gantimpalang para sa kanila na higit pa kaysa kanilang mga ginawa, na kung pinagkakalooban Namin sila ng gantimpala sa mga kakaunti na kabutihan na kanilang nagawa ay gayundin sa marami at mga malalaki nito bilang kagandahang-loob mula sa Allâh (ﷻ).

97. Sinuman ang gumawa ng mabubuting gawa, lalaki man o babae, na siya ay tunay na naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo; ay pagkakalooban Namin siya rito sa

daigdig ng mabuti at mapayapang pamumuhay kahit siya ay hindi mayaman, at walang pag-aalinlangan na ipagkakaloob Namin sa kanila ang gantimpala sa Kabilang-Buhay nang higit pa kaysa kabutihan na kanilang nagawa rito sa daigdig.

98. At kung nais mo, O ikaw na naniwala sa Allâh, na bigkasin ang anumang talata sa Kabanal-banalan na Qur'ân ay hilingin mo ang kalinga ng Allâh (ﷻ) mula sa kasamaan ni '*Shaytân*' na isinumpa at inilayo mula sa Awa ng Allâh, na sasabihin mo: "*A`ou-dhu bil-lâ-hi mi-nash-shay-tâ-nir ra-jîm*," na ang ibig sabihin, "*Hinihingi ko ang kalinga ng Allâh* (ﷻ) *laban sa isinumpang Satanas*."

99-100. Walang pag-aalinlangan, si '*Shaytân*' ay walang kapangyarihan laban sa mga tunay na naniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at sa kanila na ipinauubaya lamang sa Allâh (ﷻ) ang kanilang mga sarili. Magkagayunpaman, ang kanyang kakayahan ay sa mga yaon lamang na itinuturing siya bilang kanilang kaagapay at sinusunod nila ang kanyang kagustuhan, at dahil sa pagsunod nila kay '*Shaytân*' ay nagtatambal o sumasamba sila ng iba bukod sa Allâh.

101. At kapag pinalitan Namin ang isang talata ng panibagong talata o panibagong alituntunin – at ang Allâh (ﷻ) na Siyang Tagapaglikha ang Ganap na Nakaaalam sa ikabubuti ng Kanyang nilikha at sa anuman na Kanyang inihahayag na mga alituntunin o batas sa iba't ibang panahon – sasabihin ng mga walang pananampalataya: "*Katunayan*, *ikaw*, *O Muhammad ay nag-imbento lamang laban sa Allâh ng mga salita na hindi Niya sinabi*," gayong si Muhammad (ﷺ) ay hindi katulad ng kanilang mga inaangkin, sa kadahilanang ang karamihan sa kanila ay walang kaalam-alam hinggil sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at gayundin hinggil sa Kanyang mga batas at alituntunin.

102. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang Qur'ân ay hindi inimbentong salita na mula sa akin*, *kundi ito ay kapahayagan na ibinaba ni Anghel Jibril na* '*Rûh-ul-Qudus*' (*Banal na Espiritu*) *mula sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na totoo at makatarungan*; *upang patatagin ang mga naniniwala*, *at bilang gabay mula sa pagkaligaw*, *at magandang balita para sa mga Muslim*, *na ang ibig sabihin ay para sa mga sumuko at nagpasailalim sa kagustuhan ng Allâh na* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilalang.*"

103. At walang pag-aalinlangan, batid Namin ang kanilang mga sinasabi na mga ‘*Mushrikûn*’ – nagtatambal sa pagsamba sa Allâh o sumasamba ng iba bukod sa Allâh – na: “*Katiyakan, natutunan ng Propeta ang Qur’ân mula sa ibang tao*.” Sila ay nagsinungaling, dahil katiyakang ang wika ng taong pinagbibintangan nilang nagturo kay Propeta Muhammad (ﷺ) ay hindi ‘*Arabic*’ at hindi nakaiintindi ng wikang ito, samantalang ang Dakilang Qur’ân ay wikang ‘*Arabic*’ at sadyang napakalinaw ang mga kahulugan nito.

104. Katiyakan, ang mga walang pananampalataya na hindi naniwala sa Dakilang Qur’ân ay hindi gagabayan ng Allâh (ﷻ) tungo sa katotohanan, at sa Kabilang-Buhay para sa kanila ay masidhing kaparusahan.

105. Katiyakan, ang tagapag-imbento ng kasinungalingan ay gawain lamang ng sinumang hindi naniwala sa Allâh at sa Kanyang mga ‘*Âyât*’ (mga talata, rebelasyon o palatandaan), at sila ang mga yaong sinungaling sa kanilang mga sinasabi; subali’t si Propeta Muhammad (ﷺ) naman na tunay na naniwala sa kanyang ‘*Rabb*’ at nagpasailalim sa Kanyang kagustuhan ay hindi maaaring magsinungaling laban sa Allâh (ﷻ) at magsasabi ng salita na hindi talagang sinabi ng Allâh (ﷻ).

106-107. Katotohanan, ang tunay na nagsisinungaling laban sa Allâh (ﷻ) ay ang sinuman na bumigkas ng salitang paglabag o pagtanggi sa Allâh (‘*Kufr*’) at tumalikod pagkatapos niyang maniwala, na ang para sa kanya ay pagkamuhi na mula sa Allâh (ﷻ), maliban lamang sa sinumang pinilit na pabigkasin ng salitang paglabag sa Allâh (ﷻ), na ito ay kanyang binigkas dahil sa kanyang takot na mapahamak subali’t ang kanyang puso ay nananatili pa ring matatag at buo sa tunay na paniniwala at di-natitinag, na kung kaya, hindi siya masisisi hinggil sa bagay na ito, subali’t ang sinumang bumigkas ng salitang paglabag at ito ay maluwag niyang tinanggap sa kanyang kalooban, walang pag-aalinlangan na mapapasakanila ang matinding

pagkamuhi mula sa Allâh (ﷻ) at masidhing kaparusahan; dahil sa pagpili nila ng makamundong buhay at ng kinang nito, na higit na sinang-ayunan pa nila ang makamundo kaysa sa buhay sa Kabilang-Buhay at ang mga gantimpalang naroroon.

At katiyakang hindi ginagabayan ng Allâh (ﷻ) ang mga hindi naniwala at hindi Niya pinapatnubayan tungo sa katotohanan.

108. Sila ang mga yaong isinara ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso ng paglabag, pagtanggi sa katotohanan at pagpili ng makamundong buhay sa halip na buhay sa Kabilang-Buhay, kaya hindi na makararating sa kanilang mga puso ang Liwanag ng Patnubay, at sila ay naging mga bingi na hindi na nila maririnig ang mga talata ng Allâh at kahit na ito pa ay kanilang marinig ay hindi nila ito uunawain, at sila ay naging mga bulag na di na nila nakikita ang mga katibayan na nagpapatunay sa pagiging Bukod-Tanging '*Ilâh*' ng Allâh (ﷻ) na karapat-dapat lamang sambahin, at sila ang mga yaong nakalimot sa mga inihanda ng Allâh (ﷻ) na kaparusahan para sa kanila.

109. Walang pag-aalinlangan, sila sa Kabilang-Buhay ang tunay na talunan at nawasak ang kanilang buhay dahil sila ang mga yaong itinuon ang kanilang buhay sa anumang bagay na naging sanhi ng parusa at pagwasak sa kanila.

110. Pagkatapos, katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha para sa mga mahihina sa Makkah na pinarusahan ng mga '*Mushrikûn*,' na ipinakita nila ang pagsang-ayon sa kanila na mga walang pananampalataya bilang panlabas na pagpapakita lamang at nilinlang nila ang mga ito sa pamamagitan ng pagsabi ng anumang bagay na nais nilang ipasabi sa kanila, subali't ang kanilang mga puso ay tiyak na panatag sa tunay na paniniwala, at nang sila ay nagkaroon ng pagkakataon na makaligtas ay nangibang-bayan sila sa Madinah, pagkatapos ay nakipaglaban sila sa mga kumakalaban sa Relihiyon ng Allâh at tiniis nila ang hirap ng mga ipinag-uutos; walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha – pagkatapos nilang makapagsisi – ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

111. At ipaalaala mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), ang Araw ng Muling Pagkabuhay na kung saan sa Araw na yaon ay darating ang isang tao na sisisihin niya ang kanyang sarili at magsasabi ng lahat ng katwiran, at ang Allâh (ﷻ) naman ay ipagkakaloob Niya nang buo sa bawa't tao ang kabayaran ng kanyang nagawa na walang anumang pagkukulang, na hindi Niya daragdagan ang parusa at hindi Niya babawasan ang gantimpala.

112. At nagbigay ang Allâh (ﷻ) ng halimbawa ng isang bayan – Makkah – na mapayapa sa anumang panghihimasok ng iba o pakikipaglaban, at kapanatagan sa pamumuhay na dumarating sa kanila ang masaganang pamumuhay na napakadali mula sa iba't ibang dako, subali't hindi pinahalagahan ng mga tagaroon ang mga biyaya ng Allâh (ﷻ) sa kanila, sa halip sila ay sumamba ng iba at hindi sila tumanaw ng utang na loob sa Allâh (ﷻ), kaya sila ay pinarusahan ng Allâh (ﷻ) ng taggutom at takot mula sa mga sundalo na ipinadala ng Sugo ng Allâh at ng kanyang mga tagasunod, na tinakot sila; dahil sa kanilang paglabag at maling gawain.

113. At katotohanan na ipinadala ng Allâh (ﷻ) sa Makkah ang Sugo na mula sa kanila na ito ay si Propeta Muhammad (ﷺ) na kilala nila ang kanyang angkan, ang kanyang pagiging matapat at ang kanyang pagiging mapagkakatiwalaan, subali't tinanggihan nila ang dala-dala niyang mensahe at hindi nila pinaniwalaan, na kung kaya, pinarusahan sila ng Allâh ng paghihikahos, taggutom at takot; at napatay ang kanilang mga pinuno sa Labanan sa Badr habang hinahamak nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsamba ng iba bukod sa Allâh at pagharang sa Kanyang Daan.

114. Na kung kaya, kumain kayo, O kayo na mga naniniwala, mula sa ipinagkaloob sa inyo na mga kabuhayan, na ginawa Niya ang pagpapahintulot nito sa inyo bilang

malinis, at tumanaw kayo ng utang na loob sa mga Biyaya ng Allâh (ﷻ) sa inyo sa pamamagitan ng pagpapasalamat (o pagtangkilik) nito at paggasta nito bilang pagsunod sa Allâh (ﷻ), kung talagang taos-puso ang inyong pagsamba sa Kanya at Siya lamang ang bukod-tangi ninyong sinasamba.

115. Katiyakan, ang ipinagbabawal lamang sa inyo ng Allâh (ﷻ) ay ang '*Maytah*' mula sa hayop – '*double dead*' (patay na subali't kinatay pa rin ito) o patay na hayop na hindi nakatay sa tamang pamamaraan, – at ang mga pinatulo na dugo habang kinakatay ang mga hayop, at karne ng baboy at anumang kinatay sa pangalan ng iba bukod sa Allâh. Subali't magkagayunpaman, ang sinumang napilitan dahil sa kanyang pagkatakot na mamatay at kumain siya mula sa mga ipinagbabawal na ito, na wala siyang layunin sa kanyang sarili ng kusang paglabag at hindi niya lalampasan ang kung ano lamang ang sapat sa kanyang pangangailangan, samakatuwid, walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanya at hindi siya paparusahan sa kanyang nagawa.

116. Huwag ninyong sabihin – O kayong mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh – bilang pagsisinungaling na sinasabi ng inyong mga dila; na ito ay ipinahihintulot samantalang ipinagbabawal naman, at ito ay ipinagbabawal samantalang ito ay ipinahihintulot ng Allâh (ﷻ); dahil nag-iimbento kayo laban sa Allâh (ﷻ) ng kasinungalingan sa pamamagitan ng pagtangi ninyo para sa Allâh (ﷻ) ng mga bagay na kayo ang nagpahintulot at nagbawal. Katiyakan, ang mga yaong nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh, kailanman ay hindi sila magtatagumpay ng kahit na anumang kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

117. Isang pansamantalang kaligayahan ang para sa kanila rito sa daigdig na may hangganan na napakaikli, subali't sa Kabilang-Buhay ay mararanasan nila ang napakasidhing kaparusahan.

118. At para sa mga Hudyo ay ipinagbawal Namin ang anumang naihayag Naming una sa iyo noon, O Muhammad (ﷺ), na ito ay ang lahat ng hayop na may kuko at taba ng baka at tupa maliban na lamang sa anumang taba na nakadikit sa likuran nito o taba na nakadikit sa bituka nito, o di kaya ay nakadikit sa buto nito.

At hindi Namin sila dinaya sa pamamagitan ng pagbabawal sa kanila ng mga ito, subali't sila mismo ang nandaya sa kanilang mga sarili at nanghamak dahil sa ginawa nilang pagtanggi at paghihimagsik laban sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, karapat-dapat lamang sa kanila na ipagbawal ang mga ito bilang kaparusahan sa kanila.

119. Pagkatapos ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, samakatuwid, para sa mga yaong nakagawa ng mga pagkakasala habang sila ay nasa kamangmangan na hindi nila alam ang magiging bunga nito at pagdudulot nito ng pagkamuhi ng Allâh (ﷻ) – sa lahat ng nagkasala sa Allâh (ﷻ), nagkamali man o sinadya, sa ganitong kadahilanan ay itinuturing siyang mangmang kahit alam pa niya ang pagbabawal nito – pagkatapos sila ay nagbalik-loob sa Allâh at iniwasan ang anuman na kanilang kinagawian na pagkakasala at itinuwid ang kanilang mga sarili at mga gawain, katotohanan ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha – pagkatapos nilang makapagsisi at magpakatuwid – ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa kanila, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal.

120-122. Katiyakan, si Ibrâhim (عليه السلام) ay isang pinuno ng kabutihan at masunurin na nagpapasailalim sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ), na hindi siya lumilihis sa Relihiyon ng Islâm, naniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) na hindi siya sumasamba ng iba bilang pagtatambal sa Allâh, na siya ay nagpapasalamat sa mga Biyaya ng Allâh (ﷻ) sa kanya, pinili siya ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mensahe at itinuro sa kanya ang Matuwid na Landas na ito ay ang Islâm.

At ipinagkaloob Namin sa kanya rito sa daigdig ang kabutihan na siya ay pupurihin ng mga darating na henerasyon (hanggang sa kahuli-hulihan) at ituturing na huwaran at magandang halimbawa, at pinagkalooban din siya ng ulirang anak, at katiyakan, siya sa katotohanan sa Kabilang-Buhay ay kabilang sa mga mababuti na nagmamay-ari ng mga matataas na antas ng mga tahanan sa Hardin ('*Al-Jannah*').

123. Pagkatapos ay ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na sundin mo ang Relihiyong Islâm na katulad ng pagsunod ni Ibrâhim (عليه السلام), at magpakatuwid ka sa Relihiyong ito at huwag kang lumihis, dahil walang pag-aalinlangan, si Ibrâhim ay hindi kabilang sa mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh.

124. Katiyakan, ginawa lamang ng Allâh (ﷻ) ang paggalang sa araw ng '*Sabbath*' upang ibukod-tangi ang araw na ito sa pagsamba para sa mga Hudyo na (hinggil) rito sila ay nagkakasalungatan sa kanilang mga Propeta, at pinili nila ang araw ng '*Sabbath*' bilang kapalit ng '*Jum`ah*' (Biyernes), na ang araw na ito ('*Jum`ah*') ang talagang ipinag-utos sa kanila na igalang.

Walang pag-aalinlangan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), ang Siyang magpapasiya sa pagitan ng mga hindi nagkasundo sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa anumang kanilang hindi pinagkasunduan hinggil sa kanilang mga Propeta, at gagawaran ang bawa't isa ng anuman na karapat-dapat para sa kanya.

125. Hikayatin mo, O Muhammad (ﷺ), ikaw at ang sinumang sumunod sa iyo, ang mga tao tungo sa Relihiyon ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at Matuwid Niyang Landas, sa pinakamagandang pamamaraan na ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa iyo sa Aklat at sa '*Sunnah*,' at makipag-usap ka sa mga tao sa pinakawastong pamamahayag, at payuhan mo sila ng pinakamagandang pagpapayo, na magiging kahali-halina sa kanila ang pagsagawa ng kabutihan, at ilayo mo sila sa kasamaan, at mangatwiran ka sa kanila sa pinakamahusay na pamamaraan ng pangangatwiran na ito ay malumanay at banayad. Dahil ang tungkulin mo lamang ay iparating sa kanila ang mensahe, at katiyakang ito ay naiparating mo na, subali't ang paggabay sa kanila ay bukod-tangi na karapatan lamang ng Allâh (ﷻ), na Siyang Ganap na Nakaaalam kung sinuman ang naligaw mula sa Kanyang Daan at Ganap na Nakaaalam sa mga ginabayan.

126. At kung nais ninyo, O kayong mga mananampalataya, na gumanti sa sinumang nakagawa ng anumang bagay na masama laban sa inyo, ay huwag kayong magmalabis na hihigitan pa ninyo ang igaganti ninyo sa kanilang ginawa, at kung kayo ay magtitiis, ito ay mas higit na makababuti para sa inyo rito sa daigdig bilang tagumpay, at sa Kabilang-Buhay naman ay dakilang gantimpala ang mapapasainyo.

127. At tiisin mo, O Muhammad (ﷺ), ang anumang nangyayari sa iyo na paghihirap nang alang-alang sa Allâh (ﷻ) hanggang dumating sa iyo ang kaginhawahan, at ang pagtitiis mo ay para lamang sa Allâh (ﷻ) dahil Siya ang tutulong sa iyo at patatatagin ka, at huwag kang malungkot sa sinumang lumabag sa iyo at di-tumanggap ng iyong paanyaya, at huwag mong ikabahala ang kanilang pakana at pag-iimbot; dahil ang ganti nito ay babalik rin sa kanila bilang masama at kapahamakan.

128. Katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ay kasama ng mga yaong naging maingat na di makagawa ng kahalayan at malalaking pagkakasala, kasama ang Kanyang pagtulong at pag-agapay, at kasama ng yaong higit na mas minabuti nila ang pagsagawa ng mga ipinag-uutos at pagpapatupad ng Kanyang mga karapatan at pagpanatili sa pagsunod sa Kanya, sa pamamagitan ng Kanyang tulong, gabay at pagtatagumpay.

سورة الإسراء 17

XVII – Sûrat Al-Isrâ`

[**Kabanata Al-Isrâ`** – Ang Paglalakbay Sa Gabi]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. Pinupuri ng Allâh (ﷻ) at Niluluwalhati Niya ang Kanyang Sarili at Dinadakila Niya ang Kanyang Kapangyarihan, dahil ang Kapangyarihan na ito ay hindi matatapatan ng kahit na sinuman, walang '*ilâh*' (diyos na sinasamba) o bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin bukod sa Kanya, at walang '*Rabb*' na Tagapaglikha at Tagapangasiwa bukod sa Kanya, na Siya ang nagsanhi na maglakbay sa kalaliman ng gabi ang Kanyang alipin na si Propeta Muhammad (ﷺ) na siya mismo (na ang ibig sabihin ay kasama ang kanyang katawan at kanyang kaluluwa), na gising at hindi natutulog, mula sa '*Al-Masjid Al-Harâm*' sa Makkah patungo sa '*Al-Masjid Al-Aqsâ*' sa '*Baytul Maqdis*' sa '*Falisteen*,' na kung saan biniyayaan ng Allâh (ﷻ) ang kapaligiran nito ng mga pananim, mga bunga at iba pa, at ginawa Niya ang lugar na ito na pagmulan ng maraming Propeta; upang masaksihan ni Muhammad (ﷺ) ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) at ang mga katibayan sa Kanyang Kaisahan.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), Siya ay '***As-Samee`***' – ang Ganap na Nakakarinig sa mga sinasabi ng Kanyang mga alipin, na '***Al-Baseer***' – ang Ganap na Nakakakita sa kanilang mga ginagawa.

2. At kung paano pinarangalan ng Allâh (ﷻ) si Propeta Muhammad (ﷺ) sa pamamagitan ng '*Isrâ`*' na ito ay ganoon din pinarangalan si Mousã (عليه السلام) dahil sa pagkakaloob sa kanya ng '*Tawrah*,' at ginawa ito na maglilinaw sa katotohanan at gabay sa mga angkan ni Isrâ`îl, na kalakip nito ang pagbabawal sa kanila na magturing ng anuman bukod sa Allâh bilang '***Walee***' (o Tagapangalaga) o di kaya ay sinasamba, na roon nila ipauubaya ang kanilang mga sarili o ginagawa.

3. O lahi ng mga yaong iniligtas Namin at pinasakay Namin kasama si Nûh (Noah) sa Arka! Huwag kayong sumamba ng iba na itatambal ninyo sa pagsamba sa Allâh, at tumanaw kayo ng utang na loob sa mga Biyaya ng Allâh (ﷻ), na inyong gawing halimbawa na susundin ay si Nûh; dahil siya ay katiyakang alipin na tumatanaw ng utang na loob sa Allâh (ﷻ), sa kanyang puso, dila at buong katauhan.

4. Ibinalita Namin sa mga angkan ni Isrâ`îl sa pamamagitan ng '*Tawrah*' na ipinahayag sa kanila: "*Walang pag-aalinlangan*, *kayo ay mamiminsala ng dalawang beses sa kalupaan* ('*Baytul Maqdis*') *at kayo ay mang-aapi*, *papatay ng mga Propeta*, *labis na magmamatigas*, *magmamalabis at mangangamkam*."

5. Na kung kaya, kapag nangyari ang una sa dalawa nilang pamiminsala, ay magpapadala Kami ng gagapi sa kanila na mga alipin Namin na mga matatapang, mga malalakas na may mga kakila-kilabot na mga kagamitang pandigma, na sila ay gagapiin nila at papatayin at ipagtatabuyan, na kung kaya, nagsitungo sila sa iba't ibang bayan na namiminsala, at ang hinggil sa bagay na ito ay isang pangako na katiyakang magaganap, sa kadahilanang ito ay bunga ng kanilang ginawa.

6. Pagkatapos ay ibinalik Namin sa inyo, O mga angkan ni Isrâ`îl, ang pagkapanalo at pangingibabaw laban sa inyong mga kalaban na gumapi sa inyo, at pinarami Namin ang inyong mga kabuhayan at ang inyong mga anak, at pinalakas Namin kayo at ginawa Namin kayo na mas marami sa bilang kaysa sa inyong mga kalaban; at ito ay dahil sa inyong kabutihan na nagawa at pagpapakumbaba sa Allâh (ﷻ).

7. Kapag pinagbuti ninyo ang inyong mga gawain at mga salita, ang kabutihang ito ay para rin lamang sa inyong mga sarili; dahil sa ang gantimpala nito ay babalik sa inyo, at kapag nagpakasama naman kayo, ginawa ninyo ito laban lamang sa inyong mga sarili dahil ang kaparusahan nito ay babalik sa inyo.

Pagkatapos, kapag dumating na ang nakatakdang panahon ng pangalawa ninyong pamiminsala ay sasanhiin Namin na muli kayong magapi ng inyong mga kalaban; upang hamakin kayo at lupigin, at makikita ang mga bakas ng pagkahamak at pang-aaba sa inyong mga mukha, at papasok sila sa inyo sa '*Baytul Maqdis*' at ito ay sisirain nila, na katulad ng unang pagkawasak nito, at wawasakin nila ang anumang aabutin ng kanilang mga kamay nang ganap na pagkawasak.

8. Na maaaring ang inyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha – O kayong mga angkan ni Isrâ`il – ay kaawaan kayo pagkatapos ng ibinigay na ganti sa inyong kasamaan, kung kayo ay magbabalik-loob sa Allâh (ﷻ) at magpapakabuti, subali’t kapag kayo ay bumalik sa pamiminsala at pang-aapi ay ibabalik din Namin sa inyo ang Aming parusa at kapahamakan.

At gagawin Namin ang Impiyerno na para sa inyo at sa lahat ng mga walang pananampalataya, bilang kulungan na hindi na makalalabas pa roon ang sinuman magpakailanman. Sa talatang ito at sa mga nauna pa kaysa rito ay mga babala sa ‘*Ummah*’ (lahat ng nasasakupan ng mensahe ni Propeta Muhammad ﷺ hanggang sa katapusan ng sandaigdigan) na ito, upang hindi sila makagawa ng mga pagkakasala; nang sa gayon ay hindi mangyari sa kanila ang katulad ng nangyari sa mga angkan ni Isrâ`il, dahil ang pamamaraan ng Allâh (ﷻ) sa bawa’t pangyayari ay iisa lamang at walang pagbabago.

9-10. Katiyakan, ang Dakilang Qur’ân na ito ay Aming ipinahayag sa Aming Alipin na si Muhammad (ﷺ), upang patnubayan ang mga tao tungo sa pinakamabuting kaparaanan, na ito ay Relihiyong Islâm, at upang ibigay ang magandang balita sa mga mananampalataya na nagsasagawa ng anumang ipinag-utos ng Allâh at umiiwas sa anuman na Kanyang ipinagbabawal, na walang pag-aalinlangan, ang para sa kanila ay dakilang gantimpala (Hardin – ‘*Al-Jannah*’), at ang mga yaong hindi naniwala sa Kabilang-Buhay at sa anuman na inilaan doon na pagbabayad, sa kanila ay inihanda Namin ang masidhing kaparusahan sa Impiyerno.

11. At nananalangin minsan ang tao laban sa kanyang sarili ng masama, o di kaya ay sa kanyang anak, o di kaya ay sa kanyang kayamanan, at ito ay kapag siya ay nagagalit, na katulad din ng panalangin niya na mabuti, at ito ay dahil sa kamangmangan ng tao at sa kanyang pagiging pabigla-bigla, at dahil sa Habag ng Allâh (ﷻ), ang dinirinig lamang Niya ay ang mabuting panalangin nito at hindi yaong

masasama, dahil likas na katangian ng tao ang pagiging mapagmadali (padalus-dalos o mapag-apura).

12. At nilikha Namin ang gabi at araw bilang dalawang tanda ng pagpapatunay sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang Kapangyarihan, pagkatapos ay sinanhi Namin na maglaho ang tanda ng gabi, na ito ay ang buwan sa pamamagitan ng kadiliman; at ginawa Namin ang tanda ng araw ('*day*'), na ito ay ang nagliliwanag na araw ('*sun*'); upang makita ng tao sa liwanag nito ang kanyang pagkilos at paggalaw sa kanyang mga gawain sa buhay at ipinapahinga naman niya ang kanyang sarili sa gabi. At upang malaman ng mga tao – dahil sa pagsasalit-salitan ng gabi at araw – ang bilang ng mga taon at mga buwan at mga araw ('*days*'). At ang lahat ng bagay ay binigyan Namin ng ganap na pagpapaliwanag.

13. Gagawin ng Allâh (ﷻ) sa lahat ng tao, ang anuman na kanyang nagawa, mabuti man ito o masama, na mananatili lamang na para sa kanya, at hindi siya mananagot sa gawain ng iba at hindi rin mananagot ang iba sa kanyang gawain, at palilitawin ng Allâh (ﷻ) para sa kanya sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang talaan na kung saan doon naitala ang lahat ng kanyang mga gawa, na matatagpuan niyang lantad na lantad.

14. Sasabihin sa kanya: "*Basahin mo ang talaan ng iyong mga ginawa*, *at ito ay kanyang mababasa kahit na siya pa ay hindi marunong bumasa noong siya ay nasa daigdig pa*, *na sapat na ang iyong sarili bilang tagapaghusga at magkukuwenta ng iyong gawain ngayon*, *kaya mababatid niya ang anuman na magiging katumbas ng kanyang ginawa*."

At ito ang pinakadakilang pantay na paghahatol, na sasabihin sa isang alipin (tao), "*Husgahan mo ang iyong sarili at sapat na sa iyo ang iyong sarili bilang tagapaghusga*."

15. At sinuman ang ginabayan na sinunod niya ang Daan ng Katotohanan ay walang pag-aalinlangan, na para rin lamang sa kanya ang kapakinabangan nito, at sinuman ang lumabag at sinunod ang daan ng kamalian ay walang pag-aalinlangang ang kanyang pagkaligaw ay para rin lamang sa kanyang sariling pagkatalo.

Walang maylulan ng pasanin ang magbabata ng pasanin ng iba (hindi paparusahan ang iba sa kasalanan ng iba). At hindi paparusahan ng Allâh (ﷻ) ang sinuman hanggang hindi Niya naitatag ang katibayan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga Sugo at pagpapababa ng mga Aklat.

16. At kapag nais Naming puksain ang isang bayan dahil sa kasamaan ng mga tao, ay uutusan Namin ang mga namuhay nang marangya roon na sumunod at ang iba pa sa kanila, pagkatapos sila ay lumabag, na kung kaya, naging karapat-dapat sa kanila ang parusa. Pagkatapos ay Amin silang pinuksa nang ganap na pagkawasak.

17. At katiyakan, pinuksa Namin ang maraming Nasyon na pinasinungalingan at nilabag ang mga kautusan pagkatapos ni Nûh (عليه السلام). Na kung kaya, sapat na sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na Siya ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya ang anumang gawain ng Kanyang mga alipin, na '***Baseer***' – Ganap na Nakakakita na walang anuman ang naililihim sa Kanya.

18. Sinuman ang naghangad ng panandaliang makamundong buhay, at ito lamang ang kanyang naging layunin at pagpupunyagi at hindi siya naniwala sa Kabilang-Buhay, at hindi siya naglaan ng gawain para roon, ay kaagad na ipagkakaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanya rito sa daigdig ang anuman na Kanyang nais ayon sa itinakda Niya sa '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*,' pagkatapos ay itatalaga Niya para sa kanya sa Kabilang-Buhay ang Impiyerno na siya ay papasok doon na sinisisi at itinataboy mula sa Awa ng Allâh, dahil sa kanyang paghahangad lamang na makamundo, pagpupunyagi para lamang dito at hindi sa Kabilang-Buhay.

19. At sinuman ang maghahangad ng gantimpala sa Kabilang-Buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng kanyang mabubuting gawa, at siya ay nagpunyagi para rito sa pamamagitan ng pagsunod sa Allâh (ﷻ), at siya ay naniniwala sa Kanya, at sa Kanyang gantimpala at sa Kanyang Dakilang Kagandahang-Loob, samakatuwid, sila ang mga yaong magiging katanggap-tanggap ang kanilang mga gawain na ilalaan ang mga ito para sa kanila roon ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at doon sila ay gagantimpalaan.

20. Ang bawa't grupo na mga gumagawa para lamang sa makamundo na may katapusan, at ang grupo naman na mga gumagawa para sa Kabilang-Buhay na walang katapusan ay pagkakalooban Namin ng kabuhayan, na pareho Naming pagkakalooban ng kabuhayan ang mga mananampalataya at ang mga walang pananampalataya rito sa daigdig. Dahil ang kabuhayan ay mula sa pagkakaloob ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang kagandahang-loob na mula sa Kanya, at ang anumang ipinagkakaloob ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay hindi ipagkakait kahit kanino, mananampalataya man siya o di-mananampalataya.

21. Pagmasdan mo, O Muhammad (ﷺ), kung paano pinagtatangi-tangi ng Allâh (ﷻ) ang ibang tao kaysa iba rito sa daigdig sa pagkakaloob sa kanila ng kabuhayan at sa kanilang gawain, at walang pag-aalinlangan, sa Kabilang-Buhay ay may mga matataas na antas at mga dakilang pagpaparangal para sa mga mananampalataya.

22. Huwag kang gumawa, O ikaw na tao, ng pagtatambal sa pagsamba sa Allâh, kapag ito ay iyong ginawa ay ipagdidiinan ka na sinisisi at hinahamak sa Kabilang-Buhay.

23. At ipinag-utos ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O ikaw na tao, na wala kang karapat-dapat na sambahin kundi Siya na Bukod-Tangi, at ipinag-utos din Niya na ikaw ay maging mabuti sa iyong mga magulang lalung-lalo na kapag inabot nila ang katandaan sa iyong kapanahunan, na huwag kang sumuway at huwag kang magbitiw sa kanila ng anumang salita ng kawalang-paggalang, kahit pagsasabi lamang ng '*Oop*' na nagpapahiwatig ng pagkayamot, na ito na ang pinakamababa at pinakamasamang salita sa harap ng magulang, at huwag na huwag mangyari sa iyo ang pagsasabi ng anumang masamang salita laban sa kanila, bagkus ay maging mahinahon ka sa pakikitungo sa kanila, at makipag-usap ka sa kanila na may pagpaparangal na pakikipag-usap at pawang mababuting salita lamang ang iyong sasabihin.

24. At magpasailalim ka sa panuntunan ng pagsunod at pagpapakumbaba sa iyong mga magulang bilang awa sa kanila at hilingin mo sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na kaawaan sila sa pamamagitan ng Kanyang Napakalawak na Awa, buhay man sila o patay na, na tulad ng kanilang pagtitiis noong ikaw ay pinapalaki nila na bata pa na mahina na walang anumang kakayahan.

25. Ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha – O kayong mga tao – ang Ganap na Nakaaalam sa mga kinikimkim ninyo sa inyong mga sarili, mabuti man ito o masama. Kung ang hangarin ninyo ay kalugdan kayo ng Allâh (ﷻ) at gumawa ng anumang ikalalapit ninyo sa Kanya, ay katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Mapagpatawad sa lahat ng pagkakataon sa sinumang nagbabalik-loob, at ang anumang puso na walang nilalaman kundi pagbabalik-loob sa Allâh at pagmamahal sa Kanya, ay walang pag-aalinlangang patatawarin siya, at patatawarin ang anumang nangyari sa kanya na mga maliliit na kasalanan na siyang likas na palaging sanhi ng pagkakamali ng tao.

26. At maging mabuti ka sa iyong kamag-anak, na ibigay mo ang kanyang karapatan na pagiging mabuti, at ibigay mo rin ang karapatan ng mahirap na nangangailangan; at nang na-'*estranded*' (natigil sa isang lugar) o nalagay sa kagipitan habang naglalakbay na napalayo siya sa kanyang pamilya at kayamanan; at huwag mo ring lustayin ang iyong yaman maliban na lamang kung ito ay sang-ayon sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at huwag kang maging bulagsak sa paggasta.

27. Katiyakan, ang mga taong bulagsak at gumagasta ng kanilang mga kayamanan sa pagsagawa ng kasalanan sa Allâh (ﷻ) ay mga katulad sila ni '*Shaytân*' sa pagiging masama, pamiminsala at pagiging makasalanan; at si '*Shaytân*' ay palaging napakatindi ang kanyang paglabag at pagbabalewala sa mga Biyaya ng Allâh (ﷻ).

28. At kapag hindi mo maibigay sa kanila ang iniutos sa iyo na ibigay; dahil sa wala kang kakayahang mabigyan sila at hinihintay mo na may pag-asam ang biyaya mula sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, ay magsabi ka sa kanila ng malumanay na pananalita, na tulad ng panalangin para sa kanila na pagkalooban sila ng masaganang pamumuhay, at pagbibigay ng pangako sa kanila na kapag niluwagan ka ng Allâh (ﷻ) sa kabuhayan mula sa Kanyang kagandahang-loob ay babahaginan mo sila.

29. Huwag mong pigilan (kontrulin) ang iyong kamay sa paggasta sa Daan ng Kabutihan, na hihigpitan mo ang iyong sarili, na pagkakaitan mo ang iyong pamilya at ang mga nangangailangan, at huwag ka rin (namang) maging bulagsak sa paggasta, na magbibigay ka ng higit kaysa sa iyong kakayahan, dahil sisisihin ka ng mga tao at mamatahin ka nila, at pagsisisihan mo ang iyong labis na paglustay at pagkawala ng iyong kayamanan.

30. Katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay niluluwagan Niya sa kabuhayan ang ibang mga tao at hinihigpitan naman Niya ang iba ayon sa Kanyang Kaalaman at Karunungan. Walang pag-aalinlangan, Siya ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya ang mga lihim ng Kanyang mga alipin, na '***Baseer***' – Ganap na Nakakakita na walang anuman ang naililihim sa Kanyang Kaalaman sa anumang mga kalagayan nila.

31. At kapag nabatid na ninyo na walang pag-aalinlangang ang kabuhayan ay nasa Kamay lamang ng Allâh (ﷻ) ay huwag ninyong patayin ang inyong mga anak dahil sa pagkatakot sa kahirapan, dahil ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Tagapagkaloob ng kabuhayan sa Kanyang mga alipin, na binibigyan Niya ng kabuhayan ang mga anak na katulad din ng pagkakaloob Niya sa mga magulang nito. Katotohanan, ang pagpatay sa kanila ay isang malaking kasalanan.

32. At huwag kayong lumapit sa pakikiapid na gawain at sa anumang magiging daan tungo rito; upang hindi kayo makagawa nito, dahil katiyakang ito ay karumal-dumal na gawain at napakasamang pamamaraan.

33. At huwag ninyong patayin ang may buhay (tao) na ipinagbawal ng Allâh (ﷻ) na patayin maliban sa karapatan ng batas na tulad ng '*Qisâs*' (ang batas ng patas na pagparusa sa nagkasala) o '*Rajeem*' (pagbato) hanggang sa sapitin nito ang kamatayan, na ito ay para sa mga nakaranas lamang ng pag-aasawa, o di kaya ay pagpatay sa tumalikod sa Islâm.

At sinuman ang napatay na labag sa batas ang pagpatay sa kanya ay walang pag-aalinlangang ibibigay Namin ang karapatan sa kanyang pamilya na ito ay ang kanyang mga tagapagmana o di kaya ay hukom na hahatol ng kamatayan o '*Diyah*.' Subali't pagkatapos nito ay walang karapatan ang pamilya o tagapagmana na lampasan ang batas ng Allâh (ﷻ) na '*Qisâs*' sa pamamagitan ng paghihiganti o iba pa.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Tagapagtaguyod sa pamilya ng namatayan laban sa nakapatay hanggang sa maisagawa ang karampatang parusa na pagpatay bilang '*Qisâs*.'

34. At huwag ninyong pakialaman ang mga kayamanan ng mga batang ulila na nasa ilalim ng inyong pangangalaga, maliban na lamang kung ito ay isasaayos para mapabuti sa kanila at ang pagpapalago nito bilang kanilang kapakinabangan, hanggang sa dumating sa hustong pag-iisip ang bata.

At tuparin ninyo ang bawa't pangako na inyong ipinangako. Katiyakan, ang anumang ipinangako ay itatanong ng Allâh (ﷻ) sa nangako sa Araw ng Muling Pagkabuhay na gagantimpalaan Niya kapag ito ay isinakatuparan at paparusahan Niya kapag ito ay hindi tinupad.

35. At ibigay ninyo ang tamang sukat at huwag kayong mandaya kapag kayo ay nagsasagawa nito para sa iba, at kapag kayo ay nagtimbang ay magtimbang kayo nang matuwid na pagtimbang, katiyakan, ang pagiging pantay sa pagbibigay ng sukat at timbang ay isang gawang nakabubuti sa inyo rito sa daigdig at higit pang kabutihan ang idudulot nito mula sa Allâh (ﷻ) sa Kabilang-Buhay.

36. At huwag kang sumunod sa isang bagay na wala kang kaalaman na magiging sunud-sunuran ka lamang, bagkus ay tiyakin mo muna ito, alamin at siguruhin. Katiyakan, ang tao ay mananagot sa anuman na ginamitan niya ng kanyang pandinig, paningin at puso; at kapag ito ay ginamit niya sa mabuti ay magkakamit siya ng

gantimpala at kung sa masama naman niya ito ginamit ay kaparusahan ang kanyang makakamit.

37. At huwag kang lumakad o mamuhay sa kalupaan nang may pagmamataas; dahil sa ikaw ay katiyakang walang kakayahang galugarin ang buong kalupaan sa pamamagitan ng paglalakbay dito ni magkakaroon ka ng kakayahan na abutin ang mga tuktok ng kabundukan sa pamamagitan ng iyong pagmamataas at pagmamalaki.

38. Lahat ng mga nabanggit na pag-uutos at pagbabawal ay kinamumuhian ng Allâh (ﷻ) ang anumang masasama rito at hindi Niya nais itong isagawa ng Kanyang mga alipin.

39. Ang mga ipinahayag Naming ito na mga magagandang alituntunin, na tulad ng pag-uutos sa pagsagawa ng mga mabubuti at pagbabawal sa mga karumal-dumal na pag-uugali ay kabilang sa mga Rebelasyon na ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ). Na kung kaya, huwag kang gumawa, O ikaw na tao, ng pagtatambal sa pagsamba sa Kanya, kundi ay itatapon ka sa Impiyerno na sinisisi ka mismo ng iyong sarili at mga tao, at ikaw ay isusumpa na malayo sa lahat ng Awa ng Allâh.

40. Higit na ginusto ba para sa inyo ng inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O kayo na mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh, na pagkalooban kayo ng mga anak na kalalakihan at pinili naman Niya sa Kanyang Sarili ang mga anghel bilang mga anak na kababaihan? Walang pag-aalinlangan, ang mga ganyang sinasabi ninyo ay napakasama at kalapastanganan na hindi karapat-dapat sa Kamaharlikaan ng Allâh (ﷻ).[51]

41. Katiyakan, ipinaliwanag Namin nang ganap, inuri-uri sa Kabanal-banalan na Qur'ân ang mga alituntunin, mga parabola at mga pagpapayo; upang makapulot ng aral ang mga tao at masuri nila ang anumang kapaki-pakinabang sa kanila at pagkatapos ay kanila itong isagawa, at iwasan nila ang anumang magdudulot sa kanila ng kapahamakan, magkagayunpaman ay walang mapapala sa mga paglilinaw na ito ang mga masasama kundi lalo pa silang napalayo sa katotohanan at nakalimot sa pagkakaintindi ng mga patnubay.

[51]Ang mga Arabo noong kapanahunan ng '*Jahiliyyah*' (kamangmangan) ay ayaw nilang magkaroon ng anak na mga kababaihan at kapag sila ay nagkaroon ng sanggol na babae ay inililibing nila ito nang buhay, ang gusto lamang nila ay mga anak na lalaki, at kung ano ang ayaw nila sa kanilang mga sarili ay ito ang itinatangi nila para sa Allâh (ﷻ), gayong ang Allâh (ﷻ) ay hindi maaaring magkaroon ng anak dahil hindi angkop sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan ang pagkakaroon ng anak, at ang mga anghel na itinatangi nila bilang mga anak ng Allâh (ﷻ) na mga kababaihan, sa katunayan ay mga walang kasarian, hindi babae ni lalaki man.

42. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh: "*Kung mayroong mga âlihah* (*mga diyos na sinasamba*) *na kasama ng Allâh bilang kanilang pag-angkin*, *ay katiyakang gagawa ang mga diyos na ito ng paraan upang malamangan nila ang Allâh* (ﷻ) *na Siyang Nagmamay-ari ng Dakilang* ``*Arsh*.'"

43. Luwalhati sa Allâh (ﷻ) at Pinakadakila na malayo sa anumang sinasabi ng mga nagsasagawa ng pagtatambal sa pagsamba sa Kanya, na Siya ang Kataas-Taasan na Ligtas sa anumang kamalian at di-kaganapan.

44. Pumupuri sa Kadakilaan ng Allâh (ﷻ) ang mga pitong kalangitan at ang kalupaan, at ang mga nasasakupan nito na lahat ng nilikha, at ang lahat ng bagay sa mga nilikhang ito ay pumupuri sa kadakilaan ng Allâh (ﷻ) ng pagpuri na kalakip ang pagpapasalamat sa Allâh (ﷻ), subali't ito ay hindi ninyo naiintindihan, O kayong mga tao.

Katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Haleem***' – Ganap at Napakalawak ang Kanyang Pang-unawa na hindi Niya kaagad pinaparusahan ang mga lumalabag, na '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa kanila.

45. Kapag binigkas mo ang Dakilang Qur'ân at narinig ka nila na mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh, ay naglalagay Kami sa pagitan mo at sa pagitan ng mga yaong hindi naniwala sa Kabilang-Buhay ng harang na nagtatakip sa kanilang mga kaisipan upang hindi nila maintindihan ang Qur'ân bilang parusa sa kanilang paglabag at pagtanggi.

46. At naglalagay Kami sa mga puso ng mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh ng di-nakikitang harang; upang hindi nila maintindihan ang Qur'ân, at naglalagay (din) Kami ng harang sa kanilang mga tainga upang hindi nila ito marinig, at kapag binanggit mo ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Dakilang Qur'ân na hinihikayat mo sila tungo sa Kanyang Kaisahan at nagbabawal ng pagtatambal sa pagsamba sa Allâh ay tatalikod sila na ayaw nilang marinig ang iyong sinasabi na may matinding pagkamuhi; bilang pagmamataas na ayaw nilang sumamba sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ).

47. Kami ang ganap na Nakababatid sa anumang pinakikinggan ng mga pinuno ng mga Quraysh noong sila ay nakikinig sa iyo, ang kanilang mga layunin ay masasama dahil ang kanilang pakikinig ay hindi upang mapatnubayan at tanggapin ang katotohanan, at alam din Namin ang kanilang pagbubulung-bulungan noong sinasabi nila: "*Wala kayong sinusunod kundi isang tao na tinamaan ng salamangka at naguguluhan sa kanyang kaisipan*."

48. Pagmasdan mo, O Muhammad (ﷺ), bilang pagtataka ang kanilang mga sinasabi: "*Katunayan*, *si Muhammad ay salamangkero*, *manunula at nasisiraan ng kanyang kaisipan!*" Na kung kaya, sila ay nalihis at napalayo at hindi sila nagabayan sa Daan ng Katotohanan.

49. At sinabi ng mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh bilang kanilang pagtanggi na sila ay muling lilikhain ng panibagong pagkalikha pagkatapos madurog ang kanilang mga buto at pagiging alabok na lamang ng mga ito: "*Tayo ba ay bubuhayin na muli sa Araw ng Muling Pagkabuhay bilang panibagong nilikha?*"

50. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ) bilang paghamon: "*Maging mga bato man kayo*, *o bakal na matindi sa lakas nito at tibay – kung ito ay makakayanan ninyo – dahil walang pag-aalinlangan*, *ibabalik kayong muli ng Allâh* (ﷻ) *na katulad ng pagkakalikha sa inyo sa una*, *at ito ay napakadali para sa Kanya*."

51. "*O anumang nilikhang bagay na higit na matigas pa kaysa sa inyong puso na hindi kayang tanggapin ng inyong kaisipan na ito ay bubuhayin na mag-uli*, *dahil walang pag-aalinlangan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang Ganap na Makapangyarihan na kaya Niya kayong ibalik at buhayin na mag-uli*," at kapag naitatag na ang katibayan laban sa kanila sa Kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) sa paglikha na mag-uli at pagbibigay ng buhay, tiyak na sasabihin nila bilang pagtanggi: "*Sino ba ang makapagbabalik ng aming buhay pagkatapos ng aming kamatayan?*"

Sabihin mo sa kanila: "*Ibabalik kayo ng Allâh na Siyang Lumikha sa inyo mula sa wala noong una kayong nilikha*," nang narinig nila ang ganitong kasagutan sa kanila ay walang pag-aalinlangan, niyugyog nila ang kanilang mga ulo bilang pangungutya at pagkamangha na sinasabi nila bilang pagtanggi: "*Kailan pa kaya mangyayari ang Pagkabuhay na Mag-uli?*" Sabihin mo: "*Malapit na*," dahil ang lahat ng tiyak na mangyayari ay malapit na.

52. Sa Araw na tatawagin kayo ng Tagapaglikha na lumabas mula sa inyong mga libingan, na walang pag-aalinlangan, tutugunan ninyo ang kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at susunod kayo sa Kanya na may kasamang mga salitang papuri at paggalang, na walang pag-aalinlangan, ang Papuri ay para lamang sa Kanya sa lahat ng pagkakataon, at iisipin ninyo – dahil sa tindi ng pangyayari sa Araw ng Muling Pagkabuhay – na kayo ay hindi nanatili sa daigdig kundi maikling panahon lamang; dahil sa haba ng panahon na kayo ay nasa Kabilang-Buhay.

53. At sabihin mo sa Aking mga alipin na mananampalataya, na sabihin nila sa kanilang pakikipag-usap sa mga tao ang maganda at mabuting pananalita; dahil kapag ito ay hindi nila ginawa ay ilalagay ni '*Shaytân*' sa pagitan nila ang paglalaban-laban, pamiminsala at pagtatalu-talo. Katiyakan, si '*Shaytân*' ay malinaw na kalaban na nakikipaglaban sa tao.

54. Ang Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang Ganap na Nakaaalam sa inyo – O kayong mga tao – kung nanaisin Niya ay kaaawaan Niya kayo at gagabayan tungo sa Tamang Paniniwala, o di kaya, kung nanaisin Niya ay mamamatay kayo na nasa kalagayan ng di-paniniwala at paparusahan.

At hindi ka Namin ipinadala, O Muhammad (ﷺ), bilang Sugo na mananagot sa kanila, papangasiwaan sila at gagantihan ang kanilang mga gawain, kundi ang tungkulin mo lamang ay iparating ang mensahe, na sa ganitong kadahilanan kaya ka isinugo, ipaliwanag ang Matuwid na Landas.

55. At ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), ang Ganap na Nakaaalam kung ano ang mga nasa kalangitan at kalupaan. At katiyakan, pinagtangi-tangi Namin ang ibang mga Propeta kaysa sa iba sa mga katangian at sa rami ng bilang ng kanilang mga tagasunod at sa pagkakapadala ng Aklat sa kanila, at ipinagkaloob Namin kay Dawood (David عليه السلام) ang '*Zabour*.'

56. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh mula sa iyong sambayanan: "*Katiyakan*, *ang mga sinasamba ninyo*, *na ito ang inyong mga tinatawagan upang mailayo kayo sa anumang kapahamakan ay walang magagawa na kahit na ano hinggil dito*, *at walang kakayahan na alisin sa inyo ang mga ganito at ilipat sa iba*, *at walang kakayahan ding baguhin ang kalagayan*, *ang bukod-tanging may kapangyarihan lamang sa mga ito ay ang Allâh* (ﷻ)."

Ang '*Âyah*' o talatang ito ay pangkalahatan na patungkol sa lahat ng dinadalanginan bukod sa Allâh, patay man o di kaya ay nakalibing na mga Propeta at mga mababuting tao at iba pa sa kanila, pareho rin kung ang sinasabi ay saklolo o panalangin at iba pa, na kung kaya, walang sinuman ang may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa Allâh (ﷻ).

57. Sila ang mga yaong dinadalanginan o tinatawagan ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh o nagtatambal sa pagsamba sa Allâh, na ito ay ang sinuman sa mga Propeta, mga mababuti at mga anghel na itinatambal nila sa Allâh, gayong ang mga ito ay nag-uunahan na mapalapit sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na ginagawa ang anumang kakayahan na mga mababuting gawa, at naghahangad din ng Awa ng Allâh (ﷻ) at natatakot sa Kanyang parusa.

Katiyakan, ang kaparusahan ng Allâh ang nararapat na pakaiingatan ng mga tao at katatakutan.

58. At binabalaan ng Allâh (ﷻ) ang mga walang pananampalataya na katiyakang walang anumang bayan na hindi naniwala na pinasinungalingan ang mga Sugo nang hindi darating sa kanila ang kaparusahan, ang pagkawasak dito sa daigdig bago pa ang kaparusahan na magaganap sa Kabilang-Buhay, o di kaya ay matinding parusa sa mga naninirahan doon (sa bayang yaon). Ito ay naitala sa '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*' na talaan ng Allâh (ﷻ) bilang Kanyang pinagpasiyahan na katiyakang ito ay walang pag-aalinlangang magaganap.

59. At walang sinuman ang nakapigil sa Amin mula sa pagkakapadala ng mga himala na hinihiling ng mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh kundi ang mga naunang tao ay tinanggihan ito, walang pag-aalinlangan, tinugunan ng Allâh (ﷻ) ang kanilang kahilingan, subali't pinasinungalingan nila ito at sila ay pinuksa ng Allâh (ﷻ).

At ipinagkaloob Namin kay Thamoud – na sila ay ang sambayanan ni Sâleh – ang malinaw na himala na ito ay sa pamamagitan ng pagkakapadala ng Babaeng-Kamelyo (na tumagos mula sa malaking bato bilang katugunan ng kanilang kahilingan) at dahil sa hindi nila ito pinaniwalaan ay pinuksa Namin sila.

At hindi Namin ipinadala ang mga Sugo kalakip ang mga '*Âyât*' – mga talata, mga tanda, mga aral at mga himala – na inilagay Namin ito sa kanilang mga kamay kundi upang balaan ang mga tao; nang sa gayon ay mapagkunan nila ito ng aral at sila ay makaalaala.

60. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong sinabi Namin sa iyo: "*Katiyakan, ang iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay saklaw ng Kanyang kaalaman at kapangyarihan ang sangkatauhan*." At hindi Namin ginawa sa iyo ang pagpapakita ng mga bagay na ito at kitang-kita ng iyong mga mata sa gabi ng '*Isrâ`*' at ng '*Mi`raj*,' na mga kamangha-mangha sa mga nilikha kundi upang subukin ang mga tao; upang maihiwalay ang hindi naniwala sa kanila mula sa mga naniwala, at ganoon din, hindi Namin nilikha ang puno ng '*Zaqqum*' na isinumpa na nabanggit sa Kabanal-banalan na Qur'ân kundi upang subukin ang mga tao. At binabalaan Namin ang mga nagsasagawa ng pagtatambal sa pagsamba sa Allâh ng iba't-ibang kaparusahan at mga katibayan, at walang naidagdag sa kanila ang babala kundi lalo silang nalululong sa sukdulang di-paniniwala, pagsuway at pagkaligaw.

61. At alalahanin mo pa rin nang Aming sinabi sa mga anghel: "*Magpatirapa kayo kay Âdam bilang pagbati at pagpaparangal*," at sila ay nagpatirapang lahat maliban kay Iblees (Satanas), na nagmataas at di-nagpatirapa na nagsasabi bilang pagtanggi at pagmamataas: "*Magpapatirapa ba ako sa mahinang iyan na nilikha lamang mula sa alabok?*"

62. At sinabi ni Iblees bilang pagmamatigas at paglabag sa Allâh: "*Masdan Mo ang nilikhang iyan na higit na pinarangalan Mo kaysa sa akin*, *kung pananatilihin Mo akong buhay hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay katiyakang kukuntrolin ko ang kanyang angkan upang iligaw at ipahamak*, *maliban sa mga malilinis at taos-puso ang kanilang paniniwala*, *na sila ay kakaunti lamang sa bilang*."

63. Sinabi ng Allâh (ﷻ) bilang matinding babala kay Iblees at sa kanyang tagasunod: "*Humayo ka*, *at ang sinumang susunod sa iyo mula sa magiging lahi ni Âdam at magpapasailalim sa iyong kagustuhan*, *walang pag-aalinlangan*, *ang parusa sa iyo at sa kanila ay Impiyernong-Apoy na inihanda para sa inyong lahat*."

64. "*At linlangin mo ang sinuman na kaya mong linlangin mula sa kanila*, *upang hikayatin silang lumabag sa Akin*, *at pagsama-samahin mo ang lahat ng iyong puwersa mula sa iyong mga sundalo laban sa kanila*, *nakasakay man o naglalakad*, *at makibahagi ka sa kanilang mga kayamanan at kinikita mula sa ilegal o ipinagbabawal*, *at makibahagi ka sa kanilang mga anak dahil sa paglilinlang mo sa kanila na makagawa ng pakikiapid at pagkakasala at sa paglabag sa mga kautusan ng Allâh* (ﷻ) *hanggang maging laganap ang kasamaan at pamiminsala*, *at pangakuan mo ang iyong mga tagasunod mula sa lahi ni Âdam ng mga pangakong kasinungalingan.*" Subali't ang lahat ng pangako ni '*Shaytân*' ay pawang panlilinlang lamang.

65. "*Katiyakan*, *ang Aking mga alipin na mananampalataya na malilinis ang kanilang layunin sa paniniwala na sinunod nila Ako ay wala kang kakayahan na iligaw sila. At sapat na ang iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglilkha*, *O Muhammad* (ﷺ), *bilang* '***Wakeel***' *– Tagapangalaga*, *Tagapagkupkop sa mga mananampalataya na ilayo sila mula sa paglinlang ni* '*Shaytân*' *at sa kanyang pagmamayabang.*"

66. Ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O kayong mga tao, ang Siyang nagpapalayag sa mga sasakyang-dagat sa karagatan; upang hanapin ang kabuhayan mula sa Allâh (ﷻ) sa inyong paglalakbay at pangangalakal. Katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Kanyang mga alipin.


وَإِذَا مَسَّكُمُ ٱلضُّرُّ فِى ٱلْبَحْرِ ضَلَّ مَن تَدْعُونَ إِلَّآ إِيَّاهُ ۖ فَلَمَّا نَجَّىٰكُمْ
إِلَى ٱلْبَرِّ أَعْرَضْتُمْ ۚ وَكَانَ ٱلْإِنسَٰنُ كَفُورًا ﴿٦٧﴾ أَفَأَمِنتُمْ أَن يَخْسِفَ
بِكُمْ جَانِبَ ٱلْبَرِّ أَوْ يُرْسِلَ عَلَيْكُمْ حَاصِبًا ثُمَّ لَا تَجِدُوا۟ لَكُمْ
وَكِيلًا ﴿٦٨﴾ أَمْ أَمِنتُمْ أَن يُعِيدَكُمْ فِيهِ تَارَةً أُخْرَىٰ فَيُرْسِلَ
عَلَيْكُمْ قَاصِفًا مِّنَ ٱلرِّيحِ فَيُغْرِقَكُم بِمَا كَفَرْتُمْ ثُمَّ لَا تَجِدُوا۟
لَكُمْ عَلَيْنَا بِهِۦ تَبِيعًا ﴿٦٩﴾ ۞ وَلَقَدْ كَرَّمْنَا بَنِىٓ ءَادَمَ وَحَمَلْنَٰهُمْ
فِى ٱلْبَرِّ وَٱلْبَحْرِ وَرَزَقْنَٰهُم مِّنَ ٱلطَّيِّبَٰتِ وَفَضَّلْنَٰهُمْ عَلَىٰ
كَثِيرٍ مِّمَّنْ خَلَقْنَا تَفْضِيلًا ﴿٧٠﴾ يَوْمَ نَدْعُوا۟ كُلَّ أُنَاسٍۭ
بِإِمَٰمِهِمْ ۖ فَمَنْ أُوتِىَ كِتَٰبَهُۥ بِيَمِينِهِۦ فَأُو۟لَٰٓئِكَ يَقْرَءُونَ
كِتَٰبَهُمْ وَلَا يُظْلَمُونَ فَتِيلًا ﴿٧١﴾ وَمَن كَانَ فِى هَٰذِهِۦٓ
أَعْمَىٰ فَهُوَ فِى ٱلْءَاخِرَةِ أَعْمَىٰ وَأَضَلُّ سَبِيلًا ﴿٧٢﴾ وَإِن كَادُوا۟
لَيَفْتِنُونَكَ عَنِ ٱلَّذِىٓ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ لِتَفْتَرِىَ عَلَيْنَا غَيْرَهُۥ ۖ
وَإِذًا لَّٱتَّخَذُوكَ خَلِيلًا ﴿٧٣﴾ وَلَوْلَآ أَن ثَبَّتْنَٰكَ لَقَدْ كِدتَّ
تَرْكَنُ إِلَيْهِمْ شَيْـًٔا قَلِيلًا ﴿٧٤﴾ إِذًا لَّأَذَقْنَٰكَ ضِعْفَ
ٱلْحَيَوٰةِ وَضِعْفَ ٱلْمَمَاتِ ثُمَّ لَا تَجِدُ لَكَ عَلَيْنَا نَصِيرًا ﴿٧٥﴾

67. At kapag nangyari sa inyo ang panganib sa karagatan na muntik-muntikan na kayong malunod o mamatay, ay nawawala sa inyong isipan ang mga sinasamba ninyong iba bukod sa Allâh (na tulad ng mga diyus-diyusan), at naalaala ninyo ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tanging Makapangyarihan upang saklolohan kayo at iligtas, na kung kaya, taos-puso na para lamang sa Kanya ang paghingi ninyo ng tulong at saklolo, at kayo ay sinaklolohan at iniligtas, subali't nang kayo ay iniligtas at matiwasay na nakadaong sa kalupaan ay tinalikuran na naman ninyo ang paniniwala at taos-pusong pagsamba at pagsagawa ng kabutihan, at ito ay dahil sa kamangmangan ng tao at di-paniniwala. At ang tao ay binabalewala ang mga Biyaya ng Allâh (ﷻ) na Pinakadakila at Kataas-Taasan.

68. Nakalimutan ba ninyo – O kayong mga tao – ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ), na kayo ba ay nakatitiyak na ligtas mula sa paglubog ng kalupaan at di kayo lalamunin nito, o di kaya ay pauulanan kayo ng Allâh (ﷻ) ng mga bato mula sa kalangitan at pupuksain kayo? Pagkatapos, wala kayong makikitang sinuman na maaaring maglayo sa inyo mula sa Kanyang kaparusahan?

69. O di kaya ay tiniyak ba sa inyo ng inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na kayo ay ligtas, O kayong mga tao, na kayo sa katotohanan ay lumabag at hindi naniwala sa Kanya, na hindi na kayo ibabalik pang muli sa karagatan at magpapadala sa inyo ng matinding hangin, na wawasakin nito ang lahat ng anumang abutin nito at lulunurin kayo sa karagatan dahil sa inyong pagtanggi sa Kanya? Pagkatapos ay wala kayong matatagpuang anumang makatutulong o mahihingian ng tulong laban sa Amin; katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya kayo dinaya nang kahit na katiting.

70. At katiyakan, pinarangalan Namin ang mga angkan ni Âdam ng kaisipan at nagpadala Kami ng mga Sugo, at inilagay Namin ang lahat ng bagay sa kalupaan na

madali para sa kanilang kapakinabangan at sinanhi Namin na mapakinabangan nila ang mga gumagapang o mga hayop sa kalupaan, at sa karagatan naman ay ang mga sasakyang-dagat upang ito ay masakyan nila, at pinagkalooban Namin sila ng mga mabubuting kabuhayan, pagkain man ito o mga inumin, at mas pinili sila kaysa sa napakaraming nilikha ng Allâh (ﷻ) nang dakilang pagtatangi.

71. At ipamalita mo, O Muhammad (ﷺ), ang Araw ng Muling Pagkabuhay bilang magandang balita at babala, na sa Araw na ito ay tatawagin ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng kalipunan ng mga tao kasama ang kanilang mga pinuno na kanilang sinunod dito sa daigdig. Na kung kaya, sinuman ang mabuti sa kanila at ibinigay sa kanya ang talaan ng kanyang mga gawain sa pamamagitan ng kanyang kanang kamay ay babasahin nila ang kanilang mga talaan ng kabutihan na may kagalakan at masasaya, at hindi babawasan nang kahit na kaunti ang kanilang mga mababuting gawa, na kahit na kasing liit ng '*Fatilâ*' – maliit na parang hibla na nasa buto ng '*Thamr*.'

72. At sinuman ang bulag ang kanyang puso rito sa daigdig na hindi niya nakita ang mga palatandaan hinggil sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ), na kung kaya, siya ay hindi naniwala sa anumang dala-dala ng Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ), ay magiging bulag din siya sa Kabilang-Buhay na hindi niya makikita ang daan tungo sa Hardin, at siya na ang pinakaligaw sa Daan ng Gabay at Patnubay.

73. At katiyakan, nagmuntikan ka nang mailayo ng mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh, O Muhammad (ﷺ) – mula sa Qur'ân – na ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa iyo; upang ikaw ay makapag-imbento ng kasinungalingan laban sa Amin na hindi Namin ipinahayag sa iyo, at kung nagawa mo ang kanilang nais ay ituturing ka nila na pinakamamahal na namumukod-tangi.

74. At kung hindi ka Namin pinatatag sa katotohanan at iniligtas mula sa pakikipagsang-ayon sa kanila, ay malapit na malapit ka nang mapasakanila dahil sa paulit-ulit mong pagsasagawa ng paghihikayat sa kanila tungo sa patnubay.

75. At kung kumampi ka, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga nagtatambal ng iba sa pagsamba sa Allâh o sumasamba ng iba bukod sa Allâh, nang kahit kaunting pagkampi ay maisasagawa mo ang kanilang kahilingan, kung gayon ay ipatitikim Namin sa iyo ang dobleng kaparusahan dito sa daigdig at dobleng kaparusahan pagkatapos ng kamatayan sa Kabilang-Buhay, dahil sa ganap ang biyaya na ipinagkaloob ng Allâh sa iyo at ang kaalaman na tinataglay mo, pagkatapos ay wala kang matatagpuan na kahit na sinuman na tutulong sa iyo at ilalayo sa iyo ang kaparusahan; subali't pinatatag ka Namin at pinangalagaan bilang kabuuang Biyaya ng Allâh (ﷻ) sa iyo, at ang kabuuan ng kaalaman na ipinagkaloob sa iyo.



76. At katiyakan, kamuntik ka nang mapalabas ng mga walang pananampalataya mula sa Makkah dahil sa kanilang panggugulo sa iyo, at kung sakali man na mapalabas ka nila ay hindi rin naman sila pananatilihin doon pagkaalis mo kundi kakaunting panahon lamang, hanggang sa mangyari sa kanila ang mabilisang pagpuksa ng Allâh (ﷻ).

77. Yaon ang pamamaraan ng Allâh (ﷻ) sa pagpuksa sa sambayanan kapag itinaboy nila ang Sugo na ipinadala sa kanila, at wala ka nang matatagpuan pa, O Muhammad (ﷺ), na pagbabago sa Aming pamamaraan, na kung kaya, hindi Namin sinisira ang Aming pangako.

78. Isagawa nang ganap ang '*Salâh*' mula sa kalagitnaan ng araw pagkatapos ng tanghaling-tapat hanggang sa oras ng pagdilim ng gabi, na nasasakop nito ang '*Dhuhr*,' '*`Asr*,' '*Maghreb*' at '*`Isha*,' at isagawa mo ang '*Salâtul Fajr*' at pahabain mo ang pagbabasa ng Qur'ân sa '*Salâh*' na ito; dahil katiyakan, ang pagbabasa ng Qur'ân sa '*Fajr*' ay sinasaksihan ng mga anghel na nakatalaga sa gabi at mga anghel na nakatalaga sa araw.

79. At tumindig ka, O Muhammad (ﷺ), mula sa iyong pagtulog sa bahagi ng gabi, at magbasa ka ng Qur'ân sa isasagawa mong '*Salâh*' ('*Nawâfil*'); upang ito ay maging karagdagan sa taas ng iyong antas at kahalagahan sa paningin ng Allâh (ﷻ), na bubuhayin ka ng Allâh (ﷻ) na mag-uli sa Araw ng Muling Pagkabuhay na mamamagitan sa mga tao; upang kaawaan sila ng Allâh (ﷻ) mula sa kanilang kalagayan, at upang iluklok ka sa lugar na kung saan doon ay pupurihin ka ng lahat ng mga tao mula sa kauna-unahan hanggang sa kahuli-hulihang tao.

80. At sabihin mo: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *papasukin Mo ako sa lunsod ng Madinah na may mabuting pagpasok na ligtas sa anumang kapahamakan*, *at gayundin ang paglabas ko mula sa Makkah na may mabuting paglabas*, *at*

pagkalooban Mo ako mula sa Iyo ng matibay na katibayan, *bilang tulong Mo sa akin laban sa sinumang sasalungat o lalabag sa akin.*"

81. At sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga nagtatambal ng pagsamba sa Allâh: "*Dumating na ang Islâm na katotohanan at naglaho na ang kasinungalingan na ito ay pagsamba ng iba bukod sa Allâh*, *katiyakan ang kasinungalingan ay hindi maaaring manatili at hindi maaaring maging matatag*, *samantalang ang katotohanan ay matatag at mananatili na kailanman ay hindi maaaring maglaho*."

82. At ibinababa Namin mula sa mga Dakilang Talata ng Kabanal-banalan na Qur'ân ang nagbibigay-lunas sa mga sakit ng puso na tulad ng pag-aalinlangan, pagkukunwari at kamangmangan, at nagbibigay-lunas din sa sakit ng katawan sa pamamagitan ng pagbigkas nito, at gayundin ang pagiging dahilan ng pagkakamit ng tagumpay at Awa ng Allâh (ﷻ) na nilalaman ang tamang paniniwala, at walang maidaragdag sa mga walang pananampalataya kapag narinig nila ang Kabanal-banalan na Qur'ân kundi paglabag at pagkaligaw; dahil sa kanilang pagtanggi rito at hindi paniniwala.

83. At kapag pinagkalooban ng biyaya ang tao, na siyang nagpasinungaling sa mga talata ng Allâh (ﷻ) at nagbalewala sa mga biyaya ay tatalikod siya at lalayo mula sa pagsunod sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at kapag nangyari naman sa kanya ang kagipitan ng kahirapan o karamdaman ay nasa labis siyang pagdadalamhati; dahil hindi siya nagtitiwala sa kagandahang-loob ng Allâh (ﷻ).

84. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga tao: "*Ang bawa't isa sa inyo ay gumawa ayon sa likas niyang katangian*, *dahil ang inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Ganap na Nakaaalam kung sino ang nagabayan tungo sa Daan ng Katotohanan*."

85. At tinatanong ka ng mga walang pananampalataya, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang katotohanan hinggil sa '*Ar-Rûh*' (kaluluwa o ispiritu) na ang layunin ay upang ikaw ay pahirapan lamang. Sagutin mo sila at sabihin: "*Walang pag-aalinlangan*, *ang katotohanan hinggil sa* '*Ar-Rûh*' *at sa kung anumang nangyayari hinggil dito ay nasa ganap na kaalaman lamang ng Allâh* (ﷻ), *na ito ay pinili Niya para lamang sa Kanyang Sarili*, *at hindi kayo pinagkalooban ng kaalaman*, *kayo at ang lahat ng mga tao*, *kundi kakaunti lamang*."

86. At kung ninais lamang Namin na burahin o kunin ang Qur'ân mula sa iyong puso ay katiyakang makukuha Namin kung anuman ang Aming inihayag sa iyo. Pagkatapos wala kang matatagpuan na sinumang tagapangalaga para sa iyong sarili laban sa Amin upang pigilan Kami, o di kaya ay magbabalik ng Qur'ân sa iyong puso.

87. Subali't ang Allâh (ﷻ) ay pinagkalooban ka ng awa, na kung kaya, pinatatag Niya ito – ang Dakilang Qur'ân – sa iyong puso. Katiyakan, ang Kanyang kagandahang-loob sa iyo ay napakadakila; dahil katiyakang ipinahayag Niya sa iyo ang Dakilang Qur'ân na ito, at ang lugar na kung saan doon (Kabilang-Buhay) ay pupurihin ka ng lahat ng mga nilikha, at iba pang mga bagay na hindi Niya ipinagkaloob kahit kaninuman sa Kanyang nilikha.

88. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Kahit na magsama-sama pa ang mga tao at ang mga* '*Jinn*' *upang magkasundo na gumawa ng katulad ng Dakilang Qur'ân na ito na mahimala ay hindi nila ito makakayanang gawin*, *kahit na magtulung-tulong pa silang lahat para sa ganitong layunin.*"

89. At katiyakan, Aming ipinaliwanag nang ganap sa sangkatauhan ang nilalaman ng Kabanal-banalan na Qur'ân na ito, sa mga paghahambing at halimbawa na dapat mapagkunan ng aral; upang maging katibayan Namin laban sa kanila; nang sa gayon ito ay kanilang sundin at isagawa, subali't tumanggi ang karamihan sa mga tao sa katotohanan at tinanggihan nila ang mga katibayan ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang palatandaan.

90. At nang wala silang kakayahan na tapatan ang Qur'ân ay humihingi naman sila ng mga himala ayon sa kanilang kagustuhan at kanilang sinabi:

"*Hindi ka namin paniniwalaan*, *O Muhammad*, *at hindi kami susunod sa iyo hanggang hindi mo napapasanhi na bumukal ang ilog na aagos mula sa kalupaan sa Makkah*.

91. "*O di kaya ay magkaroon ka ng hardin na nandoroon ang iba't ibang uri ng mga puno ng palmera ng* '*Thamr*' *at mga ubas*, *at sanhiin mo na umagos ang mga ilog nang masagana sa pinakagitna nito.*

92. "*O di kaya ay sanhiin mo ang mga kalangitan na bumagsak sa amin nang pira-piraso na katulad ng sinasabi mo*, *o di kaya dadalhin mo sa amin ang Allâh* (ﷻ) *at ang mga anghel at makikita namin sila nang harap-harapan*.

93. "*O di kaya ay magkaroon ka ng tahanan na mula sa ginto*, *o di kaya ay aangat ka tungo sa kalangitan sa pamamagitan ng hagdan at hindi kami maniniwala na ikaw ay nakaakyat hanggang hindi ka nakababalik*, *na dala-dala mo ang Aklat mula sa Allâh* (ﷻ) *na bubuklatin mo sa harap namin upang basahin na nakasaad doon na ikaw ay tunay na Sugo ng Allâh*."

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), bilang pagkamangha sa pagmamatigas ng mga hindi naniwala: "*Luwalhati at Kataas-Taasan sa aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Di ba ako ay alipin lamang na kabilang sa Kanyang mga alipin na nagpaparating ng Kanyang mensahe? Kaya paano ko maisasagawa ang inyong mga kahilingan?*"

94. At walang pumigil sa mga walang pananampalataya na maniwala sa Allâh, sa Kanyang Sugo at sumunod sa kanilang dalawa, nang dumating sa kanila ang sapat na paliwanag mula sa Allâh (ﷻ) kundi kanilang sinabi bilang kamangmangan at pagtanggi: "*Nagpadala ba ang Allâh ng Sugo na mula lamang sa lahi ng tao?*"

95. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), bilang pagtugon sa mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh, sa kanilang pagtanggi na ang Sugo ay nagmumula lamang sa lahi ng tao: "*Kung mayroon dito sa kalupaan na mga anghel na panatag na naglalakad ay magpapadala Kami sa inyo ng Sugo mula rin sa mga anghel*, *subali't ang mga naninirahan sa kalupaan ay mga tao*, *na kung kaya*, *ang dapat na ipadalang Sugo sa kanila ay katulad din nila*; *upang madaling maisagawa ang pakikipag-usap niya at maintindihan ang kanyang sinasabi*."

96. Sabihin mo sa kanila: "*Sapat na ang Allâh* (ﷻ) *na testigo sa pagitan ko at pagitan ninyo na ako ay totoo at ang aking pagiging Propeta ay katotohanan. Dahil katiyakan*, *Siya na Luwalhati sa Kanya ang* '***Khabeer***' *– Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakababatid sa mga pangyayari sa Kanyang mga alipin*, *na* '***Baseer***' *– Ganap na Nakakakita sa kanilang mga ginagawa*, *at ayon doon sila ay gagantihan*."

97. At sinuman ang gabayan ng Allâh (ﷻ), siya ay magagabayan tungo sa katotohanan; at sino naman ang Kanyang iligaw ay bibiguin Niya at ipauubaya Niya siya sa kanya mismong sarili na walang sinuman ang makagagabay sa kanya bukod sa Allâh (ﷻ), at ang mga naligaw ay bubuhayin na mag-uli ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at titipunin sila na patutungo roon sa pamamagitan ng kanilang mga mukha na bulag, pipi at bingi, ang kanilang patutunguhan ay naglalagablab na Impiyernong-Apoy, at tuwing humuhupa ito at tumitigil sa paglalagablab ay daragdagan Namin ng higit pang paglalagablab.

98. Ang ipinaliwanag na parusang ito ay bilang kaparusahan sa mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh; dahil sa kanilang hindi paniniwala sa mga talata ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga katibayan, at sa pagpapasinungaling nila sa mga Sugo ng Allâh, na kung saan, sila ay hinihikayat tungo sa pagsamba lamang sa Allâh (ﷻ), at kanilang sinasabi bilang pagtanggi – kapag sila ay inutusan na maniwala sa Muling Pagkabuhay: "*Kapag namatay na kami at nadurog na ang aming mga buto at nagkahiwa-hiwalay ay bubuhayin pa ba kami na mag-uli bilang isang panibagong pagkalikha?*"

99. Nakalimutan ba nila na mga '*Mushrikûn*,' na hindi nila nakikita at nababatid na ang Allâh (ﷻ), Siya sa katotohanan ang Lumikha ng mga kalangitan at kalupaan, gayundin ang anuman na mga nasa pagitan nito na mga nilikha na walang anumang pinaggayahan, ay Siya rin kung gayon ang may kakayahang lumikha ng katulad nila pagkatapos nilang mawala?

At katiyakan, pinagkalooban ng Allâh (ﷻ) ang mga '*Mushrikûn*' ng takdang panahon ng kanilang kamatayan at kaparusahan, na walang pag-aalinlangang ito ay darating sa kanila. Subali't kahit napakalinaw na ng katotohanan at ng mga katibayan nito ay wala pa ring ginawa ang mga walang pananampalataya kundi tanggihan ang '*Deen*' (isinaling Relihiyon) ng Allâh (ﷻ) na Kataas-Taasan.

100. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na tumanggi sa katotohanan: "*Kung kayo kaya ang nagmamay-ari ng kayamanan ng Habag at Biyaya ng aking* '*Rabb*' *na walang katapusan na di-nauubos*, *katiyakan*, *kung gayon*, *na ito ay inyong ipagkakait at hindi ninyo bibigyan ang sinuman maliban sa inyong mga sarili dahil matatakot kayo na ito ay maubos at kayo ay maghihirap. At kabilang sa pag-uugali ng tao ay ang pagiging maramot sa anuman na kanyang pagmamay-ari maliban na lamang sa sinumang inaalagaan ng Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng tamang paniniwala.*"

101. At katiyakan, na ipinagkaloob Namin kay Mousã (عليه السلام) ang siyam na malilinaw na mga himala na nagpapatunay sa katotohanan ng kanyang pagiging Propeta na ito ay ang mga sumusunod: tungkod, namumuti na kamay na nagliliwanag, tagtuyot, kakulangan sa mga bunga (taggutom), baha, tipaklong, mga insekto, mga palaka at dugo; na kung kaya, tanungin mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga angkan ni Isrâ`îl ng katanungan hinggil sa noong dumating sa mga ninuno nila si Mousã na kasama ang mga malilinaw na mga himala, na sinabi ni Fir`âwn kay Mousã: "*Katiyakan*, *iniisip ko*, *O Mousã*, *na ikaw ay tinamaan ng salamangka at dahil doon ay nawala ka sa katinuan kaya iba-iba ang ginagawa mo dahil sa masamang idinulot nito sa iyo*."

102. At sinagot siya ni Mousã (عليه السلام): "*Katiyakan*, *batid mo*, *O Fir`âwn*, *na ang nagpadala ng siyam na katibayang himala na nagpapatunay sa aking pagiging Propeta ay walang iba kundi ang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan*; *upang ito ay magiging palatandaan na mapapakinabangan ng mga pinagkalooban ng matinong pag-iisip hinggil sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ), *sa Kanyang pagiging* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *sa pagiging* '*Ilâh*' *o Diyos na karapat-dapat sambahin*, *at ako ay nakatitiyak na ikaw*, *O Fir`âwn*, *ay walang pag-aalinlangan na mawawasak*, *isusumpa at ikaw ay walang pag-aalinlangan na magagapi*."

103. At binalak ni Fir`âwn na guluhin si Mousã at palabasin kasama ang mga angkan ni Isrâ`îl mula sa Ehipto, subali't nilunod Namin siya at ang kanyang mga kasamang sundalo sa karagatan bilang kaparusahan sa kanila.

104. At sinabi Namin pagkawasak ni Fir`âwn at ng kanyang mga sundalo sa angkan ni Isrâ`îl: "*Manirahan kayo sa kalupaan ng Sham*, *at kapag dumating ang araw ng Muling Pagkabuhay ay ilalabas Namin kayong lahat mula sa inyong mga libingan tungo sa lugar na kung saan doon huhusgahan ang mga tao.*"

وَبِالْحَقِّ أَنزَلْنَٰهُ وَبِالْحَقِّ نَزَلَ ۗ وَمَآ أَرْسَلْنَٰكَ إِلَّا مُبَشِّرًا وَنَذِيرًا ﴿١٠٥﴾
وَقُرْءَانًا فَرَقْنَٰهُ لِتَقْرَأَهُۥ عَلَى ٱلنَّاسِ عَلَىٰ مُكْثٍ وَنَزَّلْنَٰهُ تَنزِيلًا ﴿١٠٦﴾
قُلْ ءَامِنُوا۟ بِهِۦٓ أَوْ لَا تُؤْمِنُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْعِلْمَ مِن قَبْلِهِۦٓ إِذَا يُتْلَىٰ
عَلَيْهِمْ يَخِرُّونَ لِلْأَذْقَانِ سُجَّدًا ﴿١٠٧﴾ وَيَقُولُونَ سُبْحَٰنَ رَبِّنَآ إِن كَانَ
وَعْدُ رَبِّنَا لَمَفْعُولًا ﴿١٠٨﴾ وَيَخِرُّونَ لِلْأَذْقَانِ يَبْكُونَ وَيَزِيدُهُمْ
خُشُوعًا ﴿١٠٩﴾ قُلِ ٱدْعُوا۟ ٱللَّهَ أَوِ ٱدْعُوا۟ ٱلرَّحْمَٰنَ ۖ أَيًّا مَّا تَدْعُوا۟ فَلَهُ
ٱلْأَسْمَآءُ ٱلْحُسْنَىٰ ۚ وَلَا تَجْهَرْ بِصَلَاتِكَ وَلَا تُخَافِتْ بِهَا وَٱبْتَغِ
بَيْنَ ذَٰلِكَ سَبِيلًا ﴿١١٠﴾ وَقُلِ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ٱلَّذِى لَمْ يَتَّخِذْ وَلَدًا وَلَمْ يَكُن
لَّهُۥ شَرِيكٌ فِى ٱلْمُلْكِ وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ وَلِىٌّ مِّنَ ٱلذُّلِّ وَكَبِّرْهُ تَكْبِيرًا ﴿١١١﴾

سُورَةُ الكَهۡفِ

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ٱلَّذِىٓ أَنزَلَ عَلَىٰ عَبْدِهِ ٱلْكِتَٰبَ وَلَمْ يَجْعَل لَّهُۥ عِوَجًا ﴿١﴾
قَيِّمًا لِّيُنذِرَ بَأْسًا شَدِيدًا مِّن لَّدُنْهُ وَيُبَشِّرَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ٱلَّذِينَ
يَعْمَلُونَ ٱلصَّٰلِحَٰتِ أَنَّ لَهُمْ أَجْرًا حَسَنًا ﴿٢﴾ مَّٰكِثِينَ
فِيهِ أَبَدًا ﴿٣﴾ وَيُنذِرَ ٱلَّذِينَ قَالُوا۟ ٱتَّخَذَ ٱللَّهُ وَلَدًا ﴿٤﴾

105. At dahil sa Katotohanan, ipinahayag Namin ang Dakilang Qur'ân na ito kay Muhammad (ﷺ) upang ibigay sa mga alipin ang mga kautusan at mga pagbabawal, gayundin ang hinggil sa gantimpala at kaparusahan; at dahil (din) sa katotohanang ito, katarungan at pangangalaga nito mula sa pagbabago ay kaya Namin ito ipinahayag. At hindi ka Namin ipinadala, O Muhammad (ﷺ), kundi bilang tagapagbalita ng Hardin sa sinumang susunod, at tagapagbabala ng Impiyerno sa sinumang lalabag at hindi naniwala.

106. At ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Qur'ân, nilinaw Namin at itinalaga bilang batas at ginawa Namin na pamantayan sa pagitan ng gabay at pagkaligaw, at sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan; upang ito ay bigkasin mo sa mga tao nang dahan-dahan at paunti-unti, at hindi Namin ito ipinahayag nang minsanan kundi ayon sa kung ano ang mga pangyayari at sa mga pangangailangan ng situwasyon.

107. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga tumanggi: "*Maniwala man kayo sa Qur'ân o hindi kayo maniwala*; *kailanman ay hindi makadaragdag ang inyong paniniwala sa kaganapan ng Qur'ân*, *ni ang inyong pagtanggi ay hindi rin makababawas dito. Katiyakan*, *yaong mga paham na pinagkalooban ng mga kasulatan na nauna kaysa rito at nabatid nila ang katotohanan hinggil sa Rebelasyon o Kapahayagan*, *kapag binigkas sa kanila ang Kabanal-banalan na Qur'ân ay natatakot sila sa Allâh* (ﷻ), *na kung kaya*, *sila ay nagpapatirapa na inilalapat nila ang kanilang mga noo sa lupa nang alang-alang sa Allâh* (ﷻ) *na Maluwalhati at Kataas-taasan.*"

108. At sinasabi ng mga yaong pinagkalooban ng mga kaalaman sa oras ng pagkarinig nila ng Dakilang Qur'ân: "*Luwalhati sa aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na Ganap at malayo sa anumang ibinibintang na kasinungalingan ng mga*

nagtatambal sa pagsamba sa Kanya! Katotohanan, *ang anumang ipinangako ng Allâh* (ﷻ) *na gantimpala at kaparusahan ay walang pag-aalinlangan na ito ay katiyakang magaganap.*"

109. At ipinatirapa nila ang kanilang mga mukha na lumuluha dahil sa pagpapayo ng Dakilang Qur'ân, at nadaragdagan ang kanilang pagpapakumbaba at pagpapasailalim sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang dakilang kapangyarihan sa pagkakarinig nila ng Dakilang Qur'ân at mga payo nito.

110. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga '*Mushrikûn*' mula sa iyong sambayanan, na tinanggihan nila sa iyo ang iyong panalangin na pagsasabi ng: O Allâh (ﷻ), o di kaya ay O '*Ar-Rahmân*' – ang Pinakamahabaging Allâh (ﷻ), manalangin kayo sa Kanyang Pangalan na Allâh (ﷻ) o di kaya sa Kanyang Pangalan na '*Ar-Rahmân*,' kahit alinman sa Kanyang mga Pangalan ang inyong gagamitin sa panalangin, katiyakan na ang inyong tinatawag ay ang Bukod-Tanging Nag-iisang '*Rabb*' na Tagapaglikha; dahil walang pag-aalinlangan na ang lahat ng Kanyang Pangalan ay mababuting Pangalan. At huwag mong itaas ang iyong tinig sa pagbigkas habang ikaw ay nagsasagawa ng '*Salâh*,' na maririnig ka ng mga nagtatambal sa pagsamba sa Allâh, at huwag mo ring ilihim na hindi ka naman maririnig ng iyong mga tagasunod, kundi ang gawin mo ay pagbigkas sa pagitan ng malakas na pagbigkas at lihim.

111. At sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Ang papuri ay sa Allâh* (ﷻ) *na nagtatangan ng kaganapan at kapurihan*, *na Luwalhati sa Kanya na malayo sa pagkakaroon ng anak at katambal sa Kanyang pagiging* '*Ilâh*' (*Diyos na sinasamba o bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin*), *at hindi Siya nangangailangan ng masasandalan o kaagapay mula sa Kanyang nilikha dahil sa Siya ang Ganap na hindi nangangailangan ng kahit na sinuman at Siya ang Makapangyarihan*, *at ang lahat ng Kanyang mga nilikha ay nangangailangan sa Kanya. At dakilain mo Siya nang ganap na pagdakila sa pamamagitan ng pagpuri sa Kanya at bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya na walang sinuman ang Kanyang katambal*, *at dalisay na layunin sa pagsunod sa lahat ng alituntunin ng Kanyang* '*Deen*' *o Relihiyon*."

سورة الكهف 18

XVIII – Surat Al-Kahf

[**Kabanata Al-Kahf** – Ang Yungib]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allâh (ﷻ), na Siyang nagbaba bilang kagandahang-loob sa Kanyang alipin at Sugo na si Muhammad (ﷺ) ng Dakilang Qur'ân, at kailanman ay walang nakalagay dito na kahit na anuman na lihis sa katotohanan

2-3. Sinanhi ng Allâh (ﷻ) ang Qur'ân bilang Matuwid na Aklat, na walang pagkakasalungatan sa nilalaman nito at walang kabaluktutan; upang balaan ang mga di-naniwala hinggil sa matinding parusa mula sa Kanya, at upang ibigay ang magandang balita sa mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo na sila ay ang mga yaong gumagawa ng mabubuti, na para sa kanila ang masaganang gantimpala na ito ay Hardin, na mananatili sila sa kasiyahang yaon magpasawalang-hanggan.

4. At bilang babala rin sa mga gumagawa ng pagtambal sa pagsamba sa Allâh na sila ay nagsabi na: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ay nagkaroon ng anak na lalaki*."

5. Ang mga nagtatambal na yaon sa pagsamba sa Allâh ay walang anumang kaalaman hinggil sa kanilang mga inaangkin na ang Allâh (ﷻ) ay nagkaroon daw ng anak, at gayundin ang mga nauna sa kanila na kanilang ginaya, isang napakalaking kalapastanganan ang salitang ito na lumalabas sa kanilang mga bibig, na wala silang sinasabi kundi pawang kasinungalingan.

6. Marahil, O Muhammad (ﷺ), na maipahamak mo ang iyong sarili dahil sa pagdadalamhati mo at kalungkutan pagkatapos tumalikod at umayaw sa iyo ang iyong sambayanan sa pamamagitan ng di nila paniniwala sa kapahayagan ng Qur'ân na ito.

7. Katiyakan, ginawa Namin sa ibabaw ng kalupaan ang mga nilikha bilang palamuti at kapaki-pakinabang sa mga naninirahan dito; upang subukin Namin sila: kung sino sa kanila ang gagawa ng mabuti sa pamamagitan ng pagsunod sa Amin, at kung sino sa kanila ang gagawa ng masama sa pamamagitan ng paglabag, at gagantihan Namin ang bawa't isa ng anumang karapat-dapat na para sa kanya.

8. At katiyakan, gagawin Naming alikabok ang mga palamuti sa ibabaw ng kalupaan sa katapusan ng daigdig, na magiging ilang na walang anumang kalaman-laman.

9. Huwag mong isipin, O Muhammad (ﷺ), na ang kuwento hinggil sa mga tao na nasa yungib (o kuweba) ('*Ashâbul Kahf*') at ang Lapida o Talaan na kung saan doon naisulat ang kanilang mga pangalan at kasaysayan, na ito ay kabilang sa mga kamangha-manghang palatandaan na nagmula sa Amin; dahil walang pag-aalinlangan, ang paglikha ng mga kalangitan at kalupaan at ang mga nilalaman nito ay lalong kamangha-mangha kaysa rito.

10. Alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong nagtago ang mga mananampalatayang kabataan sa kuweba; dahil sa pagkatakot nila sa '*Fitnah*' (o pagpapahirap) na

gagawin ng kanilang sambayanan at pagpilit sa kanila na sumamba sa mga rebulto, ay kanilang sinabi: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ipagkaloob Mo sa amin mula sa Iyo ang habag*, *na siyang magpapatatag sa amin*, *at pangalagaan Mo kami mula sa anumang kasamaan*, *at gawin mong madali para sa amin ang Daan ng Matuwid na magpaparating sa gawaing kalugud-lugod sa Iy*o, *nang sa gayon ay mapatnubayan kami na hindi maliligaw*."

11. Na kung kaya, tinakpan Namin ang kanilang pandinig noong sila ay pumasok sa kuweba at sinanhi Namin na sila ay makatulog nang mahimbing, na sila ay nanatili sa kuweba nang pagkarami-raming taon.

12. Pagkatapos ay sinanhi Namin na sila ay magising mula sa kanilang pagkatulog; upang malaman kung sino sa dalawang grupo na hindi nagkakasundo, ang pinakamagaling sa pagkalkula ng panahon na kanilang itinagal doon, na kung sila ba ay nanatili roon ng isang araw o kabahagi lamang ng araw o di kaya ay mahabang panahon.

13. Kami ang nagsalaysay sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ng makatotohanang kuwento hinggil sa kanila: tunay, na ang mga nanirahan sa kuweba ay mga mananampalatayang kabataan na tapat sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at tumugon sa kautusan, at dinagdagan Namin sa kanila ang patnubay at pagiging matatag sa katotohanan.

14. At pinatatag Namin ang kanilang mga puso sa paniniwala, at pinalakas din Namin ang kanilang paniniwala at layunin, noong sila ay humarap sa hari na hindi naniniwala sa Allâh, na sinusumbatan sila sa hindi nila pagsamba sa mga rebulto at kanilang sinabi sa kanya: "*Ang* '*Rabb*' *na sinasamba ang Siyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan*, *na kailanman ay hindi kami sasamba bukod sa Kanya ng mga diyus-diyusan*, *at kapag nagsabi kami ng iba bukod dito*, *ay katiyakang nakagawa kami ng isang mabigat na pagsisinungaling na malayo sa katotohanan.*"

15. Pagkatapos ay sinabi ng ilan sa kanila sa kanilang mga kasamahan: "*Sila ba na ating sambayanan na sumamba ng mga diyus-diyusan bukod sa Allâh ay maaaring makapagpakita ng malinaw na katibayan para sa kanilang ginawang pagsamba*, *dahil wala nang hihigit pa na lalong matindi ang pagiging kasamaan kaysa sa sinumang nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng paglalagay ng katambal sa pagsamba sa Kanya.*"

16. At dahil sa kayo ay tumanggi sa kanilang relihiyon at sa maling pinaniniwalaan ng inyong sambayanan at sa kanilang sinasamba bukod sa Allâh ay magtago kayo sa kuweba na nasa bundok upang masamba ninyo ang Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha nang bukod-tangi, gagawin ng inyong '*Rabb*' para sa inyo na madaling makamtan ang Kanyang Habag at Biyaya na magiging sapat sa inyo rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, na gagawin Niyang madali para sa inyo ang inyong mga pangangailangan sa kabuhayan dito sa daigdig.

17. At nang kanilang ginawa yaon ay tinakluban sila ng matinding pagtulog at pinangalagaan sila ng Allâh (ﷻ). Na kung kaya, makikita mo, O ikaw na nakakita sa kanila, ang araw na kapag sumikat mula sa silangan ay lilihis mula sa kanilang kinaroroonan tungo sa gawing kanan, at kapag lulubog naman ay lilihis mula sa kanila tungo sa kaliwa, at habang sila naman ay nasa kalagitnaan na nasa loob ng kuweba, na kung kaya, hindi sila naapektuhan ng init ng araw at hindi naman nawawala sa kanila ang hangin, na ang ginawa Naming ito sa kanila na mga kabataan ay kabilang sa mga tanda ng kapangyarihan ng Allâh (ﷻ). Sinuman ang ginabayan ng Allâh (ﷻ) tungo sa patnubay at pagkakaintindi sa mga palatandaan at mga talata ng Allâh (ﷻ) ay siya ang tunay na napatnubayan tungo sa katotohanan, subali't sinuman ang hindi ginabayan nang ganito, kailanman ay hindi na siya makatatagpo ng makatutulong na gagabay sa kanya para sa katotohanan; dahil ang gabay at kabiguan ay nasa ilalim ng Kamay ng Allâh na Bukod-Tangi.

18. At iisipin mo na ang mga taga-yungib na sila ay mga gising, subali't sila sa katotohanan ay tulog, at patuloy ang Aming pangangalaga sa kanila, at ibinabaling Namin sila habang sila ay natutulog minsan sa gawing kanan, minsan naman ay sa gawing kaliwa; upang hindi sila kainin ng kalupaan, samantalang ang kanilang aso na isinama nila ay nakaunat ang dalawang kamay nito sa labas ng bunganga ng kuweba,

at kung makikita mo sila ay tatakas ka mula sa kanila na may pagkatakot at katiyakan na kikilabutan ka sa takot.

19. At kung paano Namin sila pinatulog at pinangalagaan nang ganito katagal at sinanhi Namin na magising sila mula sa kanilang pagtulog sa pareho pa rin nilang kaanyuan na walang pagbabago; upang magtanungan sila sa isa't isa, na sinabi ng isa sa tagapagsalita mula sa kanila: "*Gaano na katagal tayo nanatiling natutulog dito?*" At sabi naman ng iba: "*Nanatili tayo rito ng isang araw o bahagi ng isang araw lamang*," samantalang yaong iba naman ay medyo hindi sila tiyak sa pangyayari, na kanilang sinabi: "*Ipaubaya na lamang ninyo sa Allâh* (ﷻ) *ang hinggil dito*, *dahil ang inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Ganap na Nakaaalam kung gaano katagal ang pagtigil ninyo*, *na kung kaya*, *utusan ninyo ang isa sa inyo na dala-dala niya ang inyong salapi na gawa sa pilak patungo sa siyudad at upang tumingin kung saan sa siyudad mayroong mabuti at masarap na pagkain. At magdadala siya sa inyo ng makakain mula roon*, *subali't kinakailangang maging maingat siya sa kanyang pagbili dahil baka matuklasan tayo ng nagbebenta at magiging lantad na malalaman ang hinggil sa atin*, *at huwag na huwag niyang sabihin kahit kaninong tao ang patungkol sa atin.*

20. "*Dahil katiyakang kapag nalaman kayo ng ating sambayanan ay paparusahan kayo sa pamamagitan ng pagbabato*, *at papatayin kayo*, *o di kaya ay ibabalik kayo sa kanilang relihiyon*, *at mapapabilang kayo sa mga hindi naniwala*, *at kailanman ay hindi na ninyo makakamtan ang inyong hangarin na makapasok ng Hardin kapag yaon ay ginawa ninyo*."

21. At kung paano Namin sila pinatulog nang maraming taon at sinanhi Namin pagkatapos noon na sila ay magising, na sa ganito Namin ipinaalam sa mga tao ang pangyayari pagkatapos matuklasan ng tagapagbenta ng pagkain ang uri ng salapi (na gawa sa pilak), nang sa gayon ay malaman ng mga tao na ang pangako ng Allâh (ﷻ) na Pagkabuhay na Mag-uli ay katotohanan, na ito ay tiyak na darating at walang pag-aalinlangan, na noon ay pinagtatalunan ng mga yaong nakakita sa mga nasa kuweba ang hinggil dito, na mayroon sa kanila ang naniwala at mayroon din naman ang hindi, at sinanhi ng Allâh (ﷻ) ang pagkakita nila sa pangyayari sa mga nasa kuweba na naging katibayan ng mga naniwala laban sa mga di-naniwala.

At pagkatapos matuklasan ang hinggil sa kanila ay namatay sila at sinabi ng isang grupo na nakakita sa kanila: "*Magtayo kayo sa bungad ng kuweba ng isang gusali bilang pantakip sa kanila at pagkatapos ay pabayaan na ninyo sila dahil ang kanilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Ganap na Nakaaalam hinggil sa kanilang kalagayan*," at sinabi naman noong mga pinakikinggan ang kanilang mga salita mula sa kanila: "*Gagawa tayo sa lugar na kinaroroonan nila ng Masjid bilang sambahan*," gayong walang pag-aalinlangan na ipinagbawal ng Sugo ng Allâh na gawing Masjid ang libingan ng mga Propeta at ng mga mababuting tao, at isinumpa niya ang sinumang gumawa nito, sa kanyang pinakahuling habilin sa kanyang sambayanan, na katulad ng kanyang pagbabawal na magtayo ng gusali (o mausoleo) sa mga libingan kailanman, at ipinagbawal niya ang paglalagay ng lapida at ang pagsulat sa mga ito; dahil ito ay kabilang sa mga pagmamalabis na gawain na maaaring maging sanhi ng pagsamba sa sinumang nasa libingan.

22. Sinasabi ng ilan sa mga nag-uusap-usap hinggil sa kanila mula sa mga '*Ahlul Kitâb*' (mga Hudyo at mga Kristiyano): "*Sila ay tatlo at ang pang-apat ay ang kanilang aso*," sabi naman ng iba: "*Sila ay lima at ang pang-anim ay ang kanilang aso*," at ang sinasabi ng dalawang grupo ay pawang haka-haka na walang katibayan,

at sinasabi naman ng pangatlong grupo: "*Sila ay pito at pang-walo ang kanilang aso*," sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Ganap na Nakaaalam hinggil sa kanilang bilang*, *at walang sinuman ang nakaaalam hinggil sa kanilang bilang kundi kakaunti lamang mula sa nilikha ng Allâh*.

Na kung kaya, huwag kang makipagtalo sa mga '*Ahlul Kitâb*' hinggil sa kanilang bilang maliban na lamang sa matibay at malinaw na katibayan na Aming inihayag sa iyo, na katulad ng pagpapaliwanag mo sa kanila hinggil sa kung ano ang sinabi sa iyo sa kapahayagan, at huwag kang sumangguni sa kanila o huwag mo silang tanungin hinggil sa kung ilan ang kanilang bilang at ang kanilang naging kalagayan, dahil walang pag-aalinlangan na sila ay walang kaalaman hinggil doon.

23-24. At huwag mong sasabihin kailanman na nais mong gawin ang anumang bagay: "*Na ako ay tiyak na gagawin ko ang bagay na ito bukas*," maliban na lamang kung isasa-alang-alang mo na ito ay sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ), na iyong sasabihin: "*Ay-ya-shã-Allâh*" *– maliban kung nanaisin ng Allâh* (ﷻ)." At alalahanin mo rin ang iyong '*Rabb*' sa oras na ikaw ay nakalimot sa pagsasabi ng: "*Insha-Allâh – kung ninais ng Allâh* (ﷻ)," at sa tuwing ikaw ay makakalimot ay alalahanin mo ang Allâh (ﷻ); dahil katiyakan, ang pag-alaala sa Allâh (ﷻ) ay inaalis nito ang pagiging malilimutin, at sabihin mo: "*Na nawa ay gabayan ako ng aking* '*Rabb*' *sa pinakamalapit na daan patungo sa Kanyang Patnubay at Gabay kaysa rito*."

25. At nanatili ang mga kabataan na yaon na natutulog doon sa kuweba ng tatlong daang taon at siyam.

26. At kapag tinanong ka, O Muhammad (ﷺ), hinggil sa tagal ng kanilang pananatili sa kuweba, na wala kang kaalaman hinggil dito maliban sa kung ano lamang ang nagmumula sa Allâh (ﷻ), at huwag kang magbigay ng kahit na anumang kasagutan bagkus ay sabihin mo: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ang Ganap na Nakaaalam kung gaano sila katagal na nanatili roon*, *dahil Siya ang Nakaaalam ng lihim sa mga kalangitan at kalupaan. Anong linaw ang tindi ng kaganapan ng Kanyang paningin at pandinig na batid Niya nang ganap ang lahat ng bagay*. *At walang sinuman sa Kanyang nilikha na higit na nangangasiwa sa kanilang kalagayan bukod sa Kanya*, *at itinalaga Niya na walang sinuman ang Kanyang magiging kapartè sa Kanyang Pagpanukala*, *Pagpasiya at Pagsasaayos ng Batas*, *Luwalhati sa Kanya na Kataas-Taasan.*"

27. At bigkasin mo, O Muhammad (ﷺ), ang anumang ipinahayag sa iyo na Dakilang Qur'ân na Aklat ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, dahil katiyakan, walang sinuman ang makapagbabago ng Kanyang mga Salita sa pagiging makatotohanan at makatarungan nito, at kailanman ay hindi ka makatatagpo bukod sa iyong '*Rabb*' ng tagapagkalinga na kukublihan ng iyong sarili.

28. At magtiis ka, O Muhammad (ﷺ), kasama ang iyong mga tagasunod na mga mananampalatayang mahihirap na ang sinasamba lamang nila nang bukod-tangi ay ang kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha; at nananalangin sila sa umaga't hapon, na hinahangad nila na makita ang Kanyang Mukha sa Kabilang-Buhay; at makisama ka sa kanila at huwag mo silang maliitin na ipagpapalit mo sila sa iba na mga walang pananampalataya upang makamtan mo ang pansamantalang kaligayahan ng kinang ng makamundong buhay; at huwag mong sundin ang sinumang sinanhi Namin na makalimot sa Amin ang kanyang puso na mas pinili niya ang kanyang pagnanasa kaysa sa pagsunod niya sa Allâh (ﷻ) na Tagapaglikha, at ang kanyang katayuan sa lahat ng kanyang gawain ay pagkaligaw at pagkahamak.

29. At sabihin mo sa kanila na mga nakalimot: "*Anuman ang dala-dala ko sa inyo ay katotohanan na nagmula sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*," na kung kaya, ang sinumang magnais sa inyo na maniwala at sumunod dito, ay hayaan siyang gawin ito sapagka't ito ang makababuti para sa kanya, at sinuman ang magnais na tumanggi ay hayaan siyang tanggihan ito, dahil wala siyang dinaya kundi ang kanya lamang sarili.

Katiyakan, inihanda Namin para sa mga di-naniwala ang Apoy na ang mga haligi nito (na gawa rin sa Apoy) ang nakapalibot sa kanila. At kapag sila na mga walang pananampalataya na nasa Impiyerno ay humingi ng saklolo na hihingi ng tubig dahil sa tindi ng kanilang pagkauhaw, ay pagkakalooban sila ng tubig na parang mantika sa pagkakakulo nito at sa tindi ng init ay malalapnos ang kanilang mga mukha. Anong napakasamang inumin na hindi man lamang napawi ang kanilang uhaw sa halip ito ay naragdagan pa, at napakasamang Impiyerno na kanilang tinutuluyan na roon sila ay mananatili magpakailanman.

At dito sa talatang ito ay bilang paghamon at matinding babala sa sinumang tumanggi sa katotohanan at di-naniwala sa mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ) at hindi ito sinunod.

30. Katiyakan, yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at gumawa ng mga mababuting gawa, ang para sa kanila ay dakilang gantimpala, at kailanman ay hindi Namin pahihintulutang mabalewala ang kanilang gantimpala, at hindi Namin binabawasan mula sa anuman na karapat-dapat ang kabutihan na kanilang nagawa.

31. Sila na mga naniwala, ang para sa kanila ay mga Hardin na roon sila ay mananatili magpakailanman, at umaagos ang mga ilog sa ilalim ng kanilang mga silid at mga tahanan, na sila ay sinusuotan ng mga palamuti na mga ginto, at dinadamitan sila ng mga damit na kulay berde na ginawa mula sa mga maninipis at makakapal na mga sutla (o '*silk*'), at sila ay nakasandal sa kanilang mga matataas na trono na ang kanilang mga inuupuan ay magagandang alpombra. Anong ganda ng gantimpala na para sa kanila, at anong ganda ng Hardin na kanilang tinutuluyan bilang pahingahan!

32. At magbigay ka, O Muhammad (ﷺ), sa mga di-naniwala mula sa iyong sambayanan ng halimbawa ng dalawang lalaki mula sa mga naunang tao: Ang isa sa kanila ay mananampalataya at ang isa naman ay walang pananampalataya, at katiyakan na pinagkalooban Namin ang walang pananampalataya ng dalawang hardin ng mga ubas na napalilibutan ito ng maraming punong palmera ng datiles, at nagpasibol Kami sa pagitan ng dalawang hardin na ito ng mga iba't ibang pananim na kapaki-pakinabang.

33. At katotohanang nagkaroon ang bawa't isa sa mga hardin ng sapat na mga bunga, at kailanman ay hindi nakulangan sa pamumunga nito, at sinanhi Namin na magkaroon ng ilog na umaagos sa pagitan nito upang maging madali ang pagpapatubig nito.

34. At maliban sa mga hardin na ito ay mayroon pa siyang ibang pagmamay-ari na mga prutasan at kayamanan, at kanyang sinabi sa kanyang kasama na mananampalataya habang sila ay nag-uusap at nagkukuwentuhan, na kuwento na punung-puno ng pagmamayabang: "*Higit na marami akong kayamanan kaysa sa iyo at nakahihigit ako sa lakas at sa rami ng tauhan*."

35-36. At siya ay pumasok sa kanyang hardin, na nasa kalagayan ng pandaraya ng kanyang sarili dahil sa hindi siya naniniwala sa Muling Pagkabuhay, at may pag-aalinlangan siya sa pagkagunaw ng daigdig, na siya ay labis na natutuwa sa mga bunga ng kanyang mga hardin at kanyang sinabi: "*Hindi ako naniniwala na ang hardin na ito ay maglalaho at masisira magpakailanman*, *at hindi ako naniniwala na ang pagkagunaw ng daigdig ay magaganap*, *at kung katotohanan nga na ito ay magaganap – batay sa iyong pag-aangkin – ikaw na mananampalataya at ako ay babalik sa aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *ay katiyakang matatagpuan ko sa Kanya ang higit pa kaysa sa hardin na ito*, *na roon ako ay patutungo at babalik*; *dahil sa aking karangalan at antas doon sa aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*."

37. Sinabi ng kanyang kasama na mananampalataya habang siya ay nakikipag-usap sa kanya bilang pagpapayo: "*Paano mo hindi pinaniniwalaan ang Allâh* (ﷻ) *na Siyang lumikha sa iyo mula sa alabok*, *pagkatapos ay mula sa* '*Nutfah*' (*nagsamang semilya ng iyong mga magulang*), *pagkatapos ay hinugis ka Niya sa ganap na kaayusan at angkop na pagkalikha sa iyo?*"

At dito sa pag-uusap na ito ang katibayan na ang sinuman na Kanyang nilikha sa unang pagkakataon ay kaya Niya ring ibalik ito na tulad ng dati.

38. "*Subali't hindi ko ito sinasabi dahil sa mga pinagsasabi mo na nagpapatunay ng iyong di-paniniwala*, *bagkus sa aking sarili ay naniniwala ako na*: *Ang nagbibigay ng biyaya at kagandahang-loob ay ang Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na Bukod-Tangi*, *na kung kaya*, *hindi ako naglalagay ng katambal sa pagsamba ko sa Kanya.*

39-41. "*At hindi ba karapat-dapat na sa pagpasok mo sa iyong hardin na labis mong kinalulugdan ay purihin mo ang Allâh* (ﷻ), *at sabihin mo*: '*Ito ay ninais ng Allâh* (ﷻ)

sa akin, *na wala akong lakas na ito ay makamtan maliban sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ)*?' Kung nakikita mo ako na kakaunti ang yaman at mga anak kaysa sa iyo*, *ay baka sakali*, *ang aking* '*Rabb*' *ay pagkalooban ako ng higit pa kaysa sa iyong hardin*, *at bawiin Niya sa iyo ang biyaya dahil sa iyong di-paniniwala sa Kanya at magpadala siya sa iyong hardin ng parusa mula sa kalangitan hanggang sa ito ay magiging putikan na kalupaan na madulas at hindi na tutubuan ng anumang pananim*, *o di kaya ay matutuyot na hindi ka magkakaroon ng kakayahan na magpalabas ng anumang tubig*."

42. At nagkatotoo ang sinabi ng mananampalataya at nangyari ang pagkasira sa hardin at nasira ang lahat ng naroroon, at ipinalo niya ang mga palad ng kanyang mga kamay sa isa't isa bilang pagdadalamhati at pagsisisi dahil sa kanyang nagasta, na wala nang natira dahil sa labis na pagkaubos nito, habang kanyang sinasabi: "*Sana ay nalaman ko ang hinggil sa mga Biyaya ng Allâh at Kanyang kapangyarihan at nang sa gayon ay hindi ako nakasamba ng iba bukod sa Kanya*."

At ang pagsisising ito ay naganap sa panahon na ang pagsisisi ay walang anumang kapakinabangan.

43. At walang sinuman mula sa kanyang grupo na kanyang pinagyabangan ang nakapigil sa parusa ng Allâh (ﷻ) na nangyari sa kanya, at kahit na siya mismo ay hindi niya ito napigilan at maging ang kanyang lakas.

44. Sa ganitong katulad na matinding pangyayari, ang pangangalaga at pagtulong lamang ng Allâh (ﷻ) ay sa sinumang nasa katotohanan, na ito ang pinakamabuting gantimpala at pinakamabuting hantungan sa sinumang Kanyang pinangalagaan mula sa Kanyang alipin na mga mananampalataya.

45. At magbigay ka, O Muhammad (ﷺ), sa mga tao ng halimbawa – lalung-lalo na sa mga nagmamataas sa kanila – hinggil sa katangian ng daigdig na nalinlang sila sa kinang nito at sa bilis ng paglalaho nito, na ito ay katulad ng tubig na ibinababa ng Allâh (ﷻ) mula sa kalangitan na sumisibol sa pamamagitan nito ang mga pananim sa Kanyang kapahintulutan, at nagiging luntian, subali't di naglalaon ang mga pananim na ito ay natutuyot at nadudurog nang pira-piraso na tinatangay ng hangin sa kung saan-saan nito nais tangayin. At ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay, at ang Kanyang Kapangyarihan ay Napakadakila at higit sa anumang bagay.

46. Ang mga kayamanan at ang mga anak ay palamuti at kapangyarihan dito sa buhay sa daigdig na may katapusan, subali't ang mga mabubuting gawa – lalung-lalo na ang pagluluwalhati, pagpupuri, pagda-dakila at pagsasaksi sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) – ang pinakamabuting gantimpala mula sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha kaysa kayamanan at mga anak na kalalakihan, at ang mabubuting gawa na ito ay higit na hinahangad ng tao (mananampalataya) ang gantimpala nito sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha upang makamtan niya sa Kabilang-Buhay ang anuman na kanyang inasam sa daigdig.

47. At ipaalaala mo sa kanila ang Araw na sasanhiin Namin na maglalaho ang mga bundok sa mga kinaroroonan nito, at makikita mo ang kalupaan na patag na patag na walang anumang nilikha ang nasa ibabaw nito, at pagsasama-samahin Namin ang lahat ng mga nauna hanggang sa lahat ng mga huling namuhay dito sa daigdig sa lugar na kung saan doon gaganapin ang paghuhukom, at wala Kaming makakalimutan na kahit na sinuman.

48. At sila ay haharap sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha na nakahanay na walang sinuman ang hindi maihaharap, at katiyakan na bubuhayin Namin kayong mag-uli at darating kayo sa Amin nang nag-iisa na wala kayong yaman at walang anak, na tulad ng pagkalikha Namin sa inyo sa una. Sa halip ay iniisip ninyo na hindi Kami makapagtatakda ng isang panahon para sa inyo na kung saan doon ay bubuhayin kayo na mag-uli, na roon ay papagbabayarin kayo sa anuman na inyong nagawa.

49. At ilalagay ang talaan ng gawain ng bawa't isa sa kanyang kanang kamay o sa kaliwa, at makikita mo ang mga makasalanan na mangangamba sa anuman na nilalaman nito dahil sa kanilang mga nagawang pagkakasala, at kanilang sasabihin habang ito ay nakikita nila: "*Kapighatian para sa amin*, *anong uri ng talaan ito na*

walang anumang kinaligtaan na kahit na maliit mula sa aming mga nagawa, *gayundin ang mga malalaki kundi naitalang lahat?*" At matatagpuan nila na ang lahat ng nagawa nila rito sa daigdig ay ihaharap sa kanila roon. At walang sinuman ang dadayain ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha nang kahit na katiting, at hindi mababawasan ang gantimpala ng sinumang sumunod at hindi madaragdagan ang parusa ng sinumang lumabag.

50. At ipaalaala mo, noong inutusan Namin ang mga anghel na magpatirapa kay Âdam (عليه السلام) bilang paggalang at parangal at hindi pagsamba, at inutusan (din) Namin si Iblees na katulad ng pagkakautos Namin sa kanila, at nagpatirapa ang lahat ng mga anghel subali't si Iblees na kabilang sa mga '*Jinn*' ay hindi sumunod sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at hindi nagpatirapa bilang pagmamataas at panibugho.

Kung gayon, itituring ba ninyo siya, O kayong mga tao, at ang kanyang lahi bilang inyong tagapangalaga at kaagapay, na susundin sila at hindi kayo susunod sa Akin, samantalang sila ang pinakamatindi ninyong kalaban? Napakasama ng pagsunod ng mga makasalanan kay '*Shaytân*' na sa halip ay sa Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin lamang sila dapat na susunod.

51. At hindi Ko pinasaksi kay Iblees at sa kanyang lahi, na siyang sinunod ninyo, ang paglikha sa mga kalangitan at kalupaan, upang matulungan nila Ako sa paglikha nito, at hindi Ko (rin) pinasaksi ang iba sa kanila sa paglikha ng iba, kundi Ako lamang Mismo ang Bukod-Tangi na Lumikha sa lahat ng mga ito, na walang katulong at walang kaagapay, at kailanman ay hindi Ko itinuring ang mga tagapagligaw na mga '*Shaytân*' at iba pa sa kanila bilang mga kaagapay. Kung gayon, bakit ninyo itinutuon sa kanila ang anumang bagay na Aking karapatan, at itinuturing ninyo sila bilang inyong sinasandalan bukod sa Akin, samantalang Ako ang naglikha sa lahat ng bagay?

52. At ipaalaala mo sa kanila ang pagdating ng Araw ng Muling Pagkabuhay na sasabihin ng Allâh (ﷻ) sa mga nagtambal sa pagsamba sa Kanya: "*Tawagin ninyo ang mga itinambal ninyo sa pagsamba sa Akin na mga inaangkin ninyo bilang Aking mga katambal sa pagsamba*; *upang tulungan kayo ngayon mula sa anumang gagawin Ko sa inyo*," at sila ay hihingi ng saklolo sa kanila subali't sila ay hindi tutugunan, at ginawa Namin sa pagitan ng mga sumamba ng iba at ng kanilang mga sinamba ang Impiyerno bilang lugar ng pagwasak na kung saan doon sila ay wawasaking lahat.

53. At makikita ng mga masasama ang Impiyerno, na kung kaya, natitiyak na nila na walang pag-aalinlangang sila ay ilulublob doon, at kailanman ay hindi sila makatatagpo sa anumang kaparaanan upang sila ay makatakas mula roon patungo sa iba.

54. At katiyakan, ipinaliwanag Namin sa iba't ibang pamamaraan ang mga halimbawa at mga parabola rito sa Qur'ân na ito para sa mga tao; upang maging aral sa kanila at maniwala sila. Subali't ang tao ang siyang pinakamaraming pagtatalu-talo at pag-aaway-away mula sa mga nilikha ng Allâh.

55. At walang humahadlang sa mga tao upang maniwala nang dumating sa kanila ang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ) na dala niya ang Qur'ân, at upang humingi ng kapatawaran mula sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, kundi paghamon sa Sugo ng Allâh sa pamamagitan ng kahilingan na mangyari sa kanila ang katulad ng nangyari na pagpuksa ng Allâh (ﷻ) sa mga nauna sa kanila, o di kaya ay dumating sa kanila ang parusa ng Allâh (ﷻ) nang harap-harapan.

56. At hindi Kami nagpapadala ng mga Sugo sa mga tao kundi bilang tagapagdala ng magandang balita hinggil sa '*Al-Jannah*' (Hardin) para sa sinumang naniwala at gumawa ng kabutihan, at babala hinggil sa Impiyerno para sa sinumang lalabag at hindi maniniwala.

Subali't kahit napakalinaw na ang katotohanan ay nakikipagtalo pa rin ang mga hindi naniwala sa mga Sugo na ipinadala sa kanila sa pamamagitan ng mga maling katwiran bilang pagmamatigas; upang burahin (alisin) nila sa pamamagitan ng kanilang katwiran ang katotohanan na dala-dala sa kanila ng Sugo. At itinuring nila ang Aking Aklat at mga palatandaan at ang anuman na ibinababala sa kanila na parusa bilang biro at pangungutya!

57. At wala nang hihigit pa sa tindi ng pagiging masama kaysa sa isa na kapag binigyan ng payo hinggil sa mga talata at mga malinaw na katibayan ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha ay nagagawa pa rin niyang tanggihan at ipagpalit ito ng kanyang mga kamalian, at nakalimutan na niya ang anumang pinauna ng kanyang dalawang kamay na mga masama niyang gawain na hindi niya itinigil.

Katotohanan, isinara Namin ang kanilang mga puso na kung kaya hindi na nila maiintindihan ang Qur'ân at hindi na rin maabot ng kanilang kaisipan ang anumang nilalaman nito na kabutihan, at naglagay Kami sa kanilang mga tainga ng tabing, na kung kaya, hindi na nila ito maririnig at hindi nila ito mapapakinabangan; at kahit na hikayatin mo pa sila tungo sa Tamang Paniniwala ay hindi na sila makikinig sa iyo, at kailanman ay hindi na sila magagabayan pa tungo rito.

58. At ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang Ganap na Mapagpatawad sa mga pagkakasala ng Kanyang mga alipin kapag sila ay nagsisi, na Nagmamay-ari ng Habag na Pinakamahabagin sa kanila, at kung paparusahan lamang Niya ang mga yaong tinalikuran ang Kanyang mga palatandaan dahil sa kanilang mga nagawang kasalanan ay kaagad Niya silang paparusahan, subali't ang Allâh (ﷻ) ay Napakamaunawain na hindi Siya kaagad nagpaparusa, sa halip ay mayroong panahong itinakda para sa kanila na kung saan doon sila ay papagbabayarin sa kanilang mga nagawa, na kailanman ay hindi na sila makatatakas pa.

59. At yaong mga lunsod na malalapit sa inyo – na katulad ng lunsod ng sambayanan ni Propeta Hûd, ni Propeta Sâleh, ni Propeta Lût at ni Propeta Shu`ayb – ay pinuksa Namin sila bilang parusa noong naging sukdulan ang pagiging masama ng mga di-naniwala mula sa kanila, at nagtakda Kami ng panahon ng pagkapuksa sa kanila, at noong dumating na ang itinakdang panahong yaon ay naganap sa kanila ang parusa at winasak sila ng Allâh (ﷻ).

60. At ipaalaala mo noong sinabi ni Mousã (عليه السلام) sa kanyang katu-katulong na lalaki na si Yusha` Ibn Nûn (عليه السلام): "*Ako ay magpapatuloy sa aking paglalakbay hanggang ako ay makarating sa pinagsangahan ng dalawang karagatan*, *o di kaya kahit na maging matagal ang aking paglalakbay ay gagawin ko hanggang sa ako ay makarating sa mabuting alipin ng Allâh*; *nang sa gayon ay matutunan ko sa kanya ang anumang kaalaman na hindi ko alam.*"

61. At nagpatuloy sila sa paglalakbay, at noong dumating sila sa pinagsangahang karagatan, ay umupo silang dalawa sa malaking bato, at nakalimutan nila ang kanilang dala-dalang isda na ipinag-utos ni Mousã, na dadalhin nila ito bilang baon nilang dalawa, na ito ay dala-dala ni Yusha` Ibn Nûn, at biglang nabuhay ang isda at tumalon patungo sa karagatan, at ang nilalanguyan nito ay nagkakaroon ng daan na parang tunnel o parang naghuhugis butas o lagusan.

62. At nang napalayo na sila sa lugar na kung saan doon nila naiwan ang isda ay nakaramdam si Mousã ng pagkagutom, sinabi niya sa kanyang katu-katulong na lalaki: "*Dalhin mo sa akin ang ating agahan*; *katotohanan*, *nakaranas tayo ng labis na kapaguran dahil sa ating paglalakbay*."



63. Sinabi sa kanya ng kanyang katu-katulong na lalaki: "*Naalaala mo ba noong tayo ay tumungo sa malaking bato na ating pinagpahingahan? Katiyakang nakalimutan kong sabihin sa iyo ang nangyari sa isda*, *at ang nagpalimot sa akin ay walang iba kundi si* '*Shaytân.*' *Katotohanan*, *ang isda na patay ay nabuhay at tumalon sa karagatan*, *at nagkaroon ito ng daanan*, *na parang butas o lagusan sa ilalim ng karagatan na pinaglalanguyan nito*, *at ang pangyayaring ito ay isang kamangha-mangha*."

64. Sinabi ni Mousã: "*Kung gayon*, *ang pinangyarihan niyon ang siyang tunay nating hinahanap*, *dahil katiyakan*, *yaon ang palatandaan ng lugar na kung saan makatatagpo natin ang mabuting alipin*, *at sila ay naglakad at bumalik sa kanilang pinanggalingan hanggang sa sila ay nakarating sa malaking bato*."

65. At doon natagpuan nila ang mabuting alipin na kabilang sa Aming mga alipin na ito ay si Khidr (عليه السلام) – na siya ay Propeta na kabilang sa mga Propeta ng Allâh na siya ay namatay na – pinagkalooban Namin siya ng Awa mula sa Amin, at tinuruan Namin siya mula sa Amin ng Dakilang Kaalaman.

66. Bumati ng '*Salâm*' sa kanya si Mousã (عليه السلام), at kanyang sinabi sa kanya: "*Pahihintulutan mo ba ako na sumunod sa iyo*, *upang maituro mo sa akin ang kaalaman na itinuro sa iyo ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *nang sa gayon ay magiging gabay ito at mapapakinabangan?*"

67. Sinabi sa kanya ni Khidr: "*Katiyakan*, *O Mousã*, *kailanman ay hindi mo makakayanan na makapagtiis kapag nakisama ka sa akin*.

68. "*At paano mo matitiis ang anumang bagay na gagawin ko gayong wala ka namang kaalam-alam mula sa itinuro sa akin ng Allâh* (ﷻ)*?*"

69. Sinabi sa kanya ni Mousã: "*Walang pag-aalinlangan*, *sa kapahintulutan ng Allâh* (ﷻ) *ay makikita mo ako na magiging matiisin sa kung anumang makikita ko mula sa iyo*, *at hindi ko lalabagin ang anumang ipag-uutos mo sa akin*."

70. At dahil doon ay pumayag si Khidr at sinabi niya sa kanya: "*Kung ikaw ay sasama sa akin ay huwag mo akong tatanungin sa anumang bagay na hindi mo magugustuhan*, *hanggang sa maipaliwanag ko sa iyo ang anumang bagay na lihim sa iyong kaalaman*, *na kahit na hindi mo na itatanong*."

71. Na kung kaya, nagpatuloy na sila sa paglalakad sa dalampasigan, at dumaan sa kanilang harapan ang isang bangka at pinakiusapan nila ang may-ari nito na sila ay makisakay sa kanila, at noong nakasakay na sila ay inialis ni Khidr ang isang kahoy na nakatagpi sa bangka na naging sanhi ng pagkaroon ng butas, at sinabi sa kanya ni Mousã: "*Binutasan mo ang bangka*; *upang malunod ang mga nakasakay dito*, *samantalang pinasakay nila tayo nang walang bayad? Katiyakang nakagawa ka ng hindi katanggap-tanggap na gawain*."

72. Sinabi sa kanya ni Khidr: "*Katotohanan na sinabi ko na sa iyo sa una pa lamang*, *na hindi mo makakayanang tiisin ang pakikisama sa akin*."

73. Sinabi ni Mousã bilang pangangatwiran: "*Huwag mo na akong papanagutin sa pagkalimot ko sa kundisyong ibinigay mo sa akin*, *at huwag mo na akong pahirapan sa pag-aaral ng kaalaman sa iyo at dahan-dahanin mo ako*."

74. At tinanggap ni Khidr ang kanyang katwiran: Pagkatapos sila ay umalis sa bangka (dumaong na sila), at habang sila ay naglalakbay sa dalampasigan ay nakakita silang dalawa ng isang batang lalaki na naglalaro kasama ang mga kabataan, at pinatay siya ni Khidr, at sinabi ni Mousã na may matinding pagsalungat: "*Bakit mo pinatay ang isang inosenteng tao na hindi pa umabot sa hustong gulang*, *at hindi naman siya nakapatay ng iba*, *para karapat-dapat na patayin? Katiyakan*, *nakagawa ka ng isang bagay na matinding pagkakamali*."

75. Sinabi ni Khidr kay Mousã bilang paninisi at pagpapaalaala: "*Hindi ko ba sinabi sa iyo*, *na ikaw*, *kailanman ay katiyakang hindi makatitiis sa pakikisama sa akin sa mga nakikita mo na aking mga ginagawa*, *na wala kang anumang kaalam-alam?*"

76. Sinabi ni Mousã sa kanya: "*Kung tatanungin pa kita ng anuman pagkatapos ng pangyayaring ito ay iwan mo na ako at huwag mo na akong isama*, *dahil katotohanan kung gayon ay inabot mo na ang sapat na katwiran patungkol sa akin at wala ka nang pagkukulang*; *dahil sinabihan mo na akong hindi ko kayang magtiis sa pakikisama sa iyo.*"

77. At nagpatuloy na si Mousã at si Khidr hanggang sa sila ay makarating sa isang bayan, at humingi sila ng makakain, subali't tumanggi ang mga tao roon na sila ay pagsilbihan bilang panauhin. Pagkatapos ay nakakita sila roon ng pader na patumba na at itinuwid ito ni Khidr hanggang sa maituwid ang pagkakatayo nito. Sinabi ni Mousã sa kanya: "*Kung nais mo lamang ay makahihingi ka ng bayad dahil sa nagawa mo upang magkaroon tayo ng pagkain dahil hindi nila tayo tinanggap bilang panauhin.*"

78. Sinabi ni Khidr kay Mousã: "*Ito na ang paghihiwalay nating dalawa*, *at sasabihin ko sa iyo ang kahulugan ng mga pangyayari na aking ginawa na hindi mo sinang-ayunan*, *na hindi mo natiis na hindi magtanong sa akin at hindi ako pagbawalan sa aking nagawa*."

79. "*Ang patungkol sa bangka na aking binutas ay walang pag-aalinlangan na pagmamay-ari ito ng mga taong mahihirap na naghahanap-buhay sa karagatan upang sila ay mabuhay*, *na ninais ko na magkaroon ng kapintasan ang kanilang bangka sa pagsagawa ko ng butas*; *dahil sa ang patutunguhan nila ay mayroong isang hari na kinukuha niya nang sapilitan ang anumang magagandang bangka na walang kasiraan*.

80. "*At ang hinggil naman sa batang lalaki na aking pinatay ay isang walang pananampalataya sa Allâh*, *samantalang ang kanyang mga magulang ay mananampalataya sa Allâh*, *na kung kaya*, *nangangamba kami na kung siya ay mananatiling buhay ay aapihin niya ang kanyang mga magulang sa pamamagitan ng paghihimagsik at di-paniniwala*, *at madadala niya ang mga ito sa pagtanggi at paglabag*; *dahil sa kanilang matinding pagmamahal sa kanya o di kaya ay sa matinding pangangailangan nila sa kanya*.

81. "*Na kung kaya*, *ninais namin na ang kanilang* '*Rabb*' *ay palitan siya para sa kanila ng isang mabuting anak sa kanyang* '*Deen*' *at pagiging mabait sa kanyang mga magulang.*

82. "*Hinggil naman sa pader na itinayo ko na halos matutumba na ay sa katotohanan ito ay pagmamay-ari ng dalawang batang ulila na nandoroon sa bayan na yaon*, *at sa ilalim noon ay kayamanan na pagmamay-ari nilang dalawa na ginto at pilak, at ang kanilang ama ay mabuting tao*, *na kung kaya*, *ninais ng iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na sila ay lumakí at magkaroon ng lakas*, *upang mailabas nila ang kanilang kayamanan*, *bilang awa ito na nagmula sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha para sa kanilang dalawa*, *at ang lahat ng ginawa ko*, *O Mousã*, *na nakita mong ginawa ko ay hindi nagmula sa aking sariling kagustuhan*, *kundi ito ay ginawa ko dahil sa utos ng Allâh* (ﷻ), *na ito ang mga kapaliwanagan ng aking mga ginawa at ito ang bunga ng mga bagay na hindi mo nakayanang tiisin na di-magtanong at harangan ako at pagbawalan.*"

83. At tinatanong ka, O Muhammad (ﷺ) – ng mga '*Mushrikûn*' – mula sa iyong sambayanan hinggil sa kuwento ni Dhul Qarnain na isang mabuting hari, sabihin mo sa kanila: "*Walang pag-aalinlangan*, *ikukuwento ko sa inyo ang hinggil sa kanya bilang aral at paalaala upang mapag-isipin ninyo ang mga bagay na ito at mapagkunan ng aral.*"

84. Katiyakang pinagkalooban Namin siya ng kapangyarihan sa ibabaw ng kalupaan at ipinagkaloob Namin sa kanya ang mga kadahilanan at kaparaanan sa lahat ng bagay, upang marating niya ang anuman na kanyang nais, nang sa gayon ay mapasailalim sa kanyang pamumuno ang mga bayan at mapasuko niya ang mga kalaban at iba pa.

85. At ginawa niya ang lahat ng kaparaanan na may pagpupunyagi upang makamit niya ang kanyang minimithi.

86. Hanggang sa nang umabot si Dhul Qarnain sa lugar na nilulubugan ng araw ay nakita niya mismo sa pamamagitan ng kanyang mga mata na parang siya ay lumulubog na nasa mainit na ilog na may putik na maitim, at natagpuan niya roon ang mga tao. At sinabi Namin: "*O Dhul Qarnain*, *maaaring sila ay iyong parusahan sa pamamagitan ng pagpatay o di kaya ay sa ibang pamamaraan*, *kung sila ay di-naniwala sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ), *o maaari ka rin namang makitungo nang mabuti sa kanila*, *upang ituro sa kanila ang gabay at ipakita sa kanila ang patnubay.*"

87. Sinabi ni Dhul Qarnain: "*Ang sinuman sa kanila na naging masama sa kanyang sarili sa pamamagitan ng di-niya paniniwala sa kanyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *walang pag-aalinlangan*, *paparusahan namin siya rito sa daigdig, pagkatapos*, *siya ay ibabalik sa kanyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *upang siya ay parusahan ng matinding pagpaparusa sa Impiyernong-Apoy.*"

88. Subali't ang para sa kanya na naniwala sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pinaniwalaan niya na Siya lamang ang kanyang sasambahin at sumunod sa Kanya, at pagkatapos ay gumawa ng kabutihan, ang para sa kanya bilang gantimpala na mula sa Allâh (ﷻ) ay '*Al-Jannah*' (Hardin); at pakikitunguhan namin siya nang mabuti at magiging malumanay ang aming pananalita at magiging madali ang Aming pakikitungo sa kanya.

89. Pagkatapos ay bumalik si Dhul Qarnain tungo sa silangan upang isagawa ang mga kaparaanan na itinuro ng Allâh (ﷻ) sa kanya.

90. Hanggang sa siya ay umabot sa lugar na kung saan doon sumisikat ang araw at doon natagpuan niya ang mga tao na walang mga tahanan na tinitirhan at puno na lumililim sa kanila mula sa araw.

91. Ganoon nga samakatuwid! At batid Namin ang anuman na nasa kanya na mga mababuti at mga dakilang kaparaanan, kung saan man siya patutungo at kung saan man siya maglalakbay.

92. Pagkatapos, muling naglakbay si Dhul Qarnain na sinusunod niya ang mga kaparaanan at mga kadahilanan na Aming ipinagkaloob sa kanya.

93. Hanggang sa siya ay makarating sa pagitan ng dalawang bundok na nahaharangan nito ang magkabila (duluhan) dahil sa laki at taas nito, at natagpuan niya roon ang mga tao na halos hindi nila maintindihan ang mga salita ng iba.

94. Kanilang sinabi kay Dhul Qarnain: "*Katiyakan*, *ang* '*Ya`jûj*' *at* '*Ma`jûj*' (*Gog at Magog*) – *na ito ay dalawang dakilang sambayanan na mula sa angkan ni Âdam na sila ay namiminsala sa kalupaan sa pamamagitan ng pagsira ng mga pananim at lahi*, *na kung kaya*, *maaari bang bayaran ka namin*, *na kami ay mag-iipon ng kayamanan*, *upang makagawa ka ng magsisilbing harang sa pagitan namin at nila?*"

95. Sinabi ni Dhul Qarnain: "*Kung anuman ang ipinagkaloob ng Allâh* (ﷻ) *sa akin na kaharian at kapangyarihan dito sa daigdig ay mas higit kaysa sa inyong kayamanan na tinataglay, na kung tutulungan na lamang ninyo ako ng inyong mga lakas ay gagawa ako sa pagitan ninyo at nila ng harang.*"

96. "*Bigyan ninyo ako ng mga bakal*," hanggang sa dinala nila ang bakal, pagkatapos ay sinaraduhan nila ang magkabilang lagusan ng bundok sa pamamagitan ng paglalagay ng maraming bakal, at sinabi niya sa mga manggagawa, "*Hipan ninyo ng apoy*," noong nagbaga na ang bakal, sinabi niya: "*Bigyan ninyo ako ng lusaw ng tanso at ibubuhos ko roon.*"

97. At dahil doon ay hindi na nakayanan ng mga '*Ya`jûj*' at '*Ma`jûj*' na umakyat sa ibabaw ng harang; dahil sa taas at pagiging madulas nito, at hindi rin nila nakayanan na humukay dahil sa lalim ng pagkakabaon at pagiging tibay nito.

98. Sinabi ni Dhul Qarnain: "*Ang pagtatayo ko ng harang na ito upang hindi makagawa ng pamiminsala ang mga* '*Ya`jûj*' *at* '*Ma`jûj*' *ay bilang awa mula sa aking* '*Rabb*' *sa sangkatauhan*, *subali't kapag dumating na ang ipinangako ng aking* '*Rabb*' *na Araw ng pagkagunaw ng daigdig ay sasanhiin Niya na ito ay mawasak na papatag sa kalupaan*, *at ang Pangako ng aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay isang katotohanan.*"

99. At pansamantalang iniwan Namin ang '*Ya`jûj*' at '*Ma`jûj*' sa ganoong kalagayan – hanggang sa kapag dumating ang araw na Aming ipinangako – ay pahihintulutan na makalabas ang mga '*Ya`jûj*' at '*Ma`jûj*' na para silang mga alon sa karagatan na nagsisiksikan at nagkukumpulan sa rami nila, at hihipan ang Trumpeta para sa Pagkabuhay na Mag-uli at pagsasama-samahin Namin ang lahat ng mga nilikha para sa paghuhukom at pagbabayad.

100. At ilalantad Namin ang Impiyerno sa mga di-naniwala, at harapan Namin itong ipapakita sa kanila upang mapagtanto nila ang bunga ng kasamaan na kanilang ginawa.

101. Sa mga yaong natakpan ang kanilang mga mata rito sa daigdig upang hindi nila Ako maalaala at hindi nila makita ang Aking mga palatandaan, at hindi nila nakayanan na pakinggan ang Aking mga katibayan na magdudulot sa kanila tungo sa paniniwala sa Akin at sa Aking mga Sugo.

102. Iniisip ba ng mga yaong hindi naniwala sa Akin na maaari nilang ituring ang Aking mga alipin bilang mga '*ilâh*' (diyos na karapat-dapat sambahin) bukod sa Akin; upang sila ay kanilang maging tagapangalaga? Katiyakan, inihanda Namin ang Impiyernong-Apoy bilang patutunguhan ng mga walang pananampalataya.

103. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) – sa mga tao bilang babala – : "*Nais ba ninyong sabihin Namin sa inyo kung sino ang pinakatalunan na tao kung patungkol sa kanyang gawain?*"

104. Katiyakan, sila ay ang mga yaong naligaw ang kanilang mga gawain dito sa daigdig – na sila ang mga yaong sumamba ng iba bukod sa Allâh na mula sa iyong sambayanan at iba pa na mga naligaw sa Tamang Landas, na hindi na sila magagabayan pa at makagagawa ng anumang tama – na iniisip nila na sila ay mga mababuti sa kanilang mga gawain.

105. Sila ang mga yaong naging talunan sa kanilang mga gawain, na mga tinanggihan ang palatandaan at mga talata ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at hindi pinaniwalaan, at tinanggihan ang pakikipagharap sa Kabilang-Buhay, na kung kaya, nawalan ng saysay ang kanilang gawain; dahil sa kanilang di-paniniwala, samakatuwid, walang anumang pagpapahalaga ang ibibigay sa kanila sa Kabilang-Buhay.

106. Ang nabanggit na ito na pagkawala ng saysay sa kanilang gawain ay bilang kabayaran, na ang kanilang patutunguhan ay Impiyernong-Apoy; dahil sa kanilang hindi paniniwala sa Allâh, panlalait at pang-iinsulto sa mga palatandaan at katibayan na dala-dala ng Kanyang mga Sugo.

107. Katiyakan, ang mga yaong naniwala sa Akin at naniwala sa Aking mga Sugo, at gumawa ng mga kabutihan, para sa kanila ang pinakamataas na antas ng Hardin at pinakamabuting patutunguhan.

108. Mananatili sila roon magpasawalang-hanggan, na hindi na nila nanaisin pa na makaalis doon; dahil sa matindi nilang pagmamahal sa lugar na yaon.

109. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Kung ang karagatan ay magiging tinta na mga panulat upang isulat ang mga Salita ng Allâh* (ﷻ), *ay katiyakan na unang mauubos ang karagatan subali't ang mga Salita ng Allâh* (ﷻ) *ay mananatili*, *kahit na maglagay pa Kami ng panibagong karagatan bilang pantulong.*" Na sa talatang ito ang pagpapatunay hinggil sa katangian ng Salita ng Allâh bilang makatotohanan ayon sa kung ano ang karapat-dapat sa Kanyang Kadakilaan at Kaganapan.

110. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na nagtatambal sa pagsamba sa Allâh: "*Ako sa katotohanan ay tao lamang na katulad din ninyo*, *pinagkalooban ako ng Kapahayagan ng aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na walang pag-aalinlangan na Siya lamang ang Bukod-Tanging Nag-iisang* '*Ilâh*' *na karapat-dapat sambahin*, *na kung kaya*, *sinuman ang natatakot sa parusa ng kanyang* '*Rabb*' *at naghahangad ng gantimpala sa Araw ng kanyang pakikipagtagpo sa Kanya ay hayaan niyang gumawa ng kabutihan nang alang-alang sa Allâh* (ﷻ) *ayon sa Kanyang batas*, *at hindi siya maglalagay ng anumang katambal sa kanyang pagsamba sa Allâh nang kahit na sino*."

سورة مريـــم 19

XIX – Sûrat Maryam

[**Kabanata Maryam** – (Si Birheng) Maria ﷺ]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Kãf-Ha-Ya-`Ãyn-Sãd*. Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Ito ay pagpapaalaala sa Awa at Biyaya ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Kanyang alipin na si Zakariyyã (ﷺ), na Aming isasalaysay sa iyo, dahil sa may aral na nakapaloob sa kuwentong ito sa mga nag-iisip nang malalim na nagnanais na makakuha ng aral.

3. Nang siya ay nanalangin nang palihim sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha; upang ganap na mabuo ang kanyang taos-puso na panalangin at higit itong maging katanggap-tanggap.

4. Kanyang sinabi: "*Aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ako ay tumanda na at uugud-ugod na*, *na mahina na ang aking mga buto*, *at kumalat na ang mga puting buhok sa aking ulunan*, *at kailanman ay hindi Mo tinanggihan ang aking mga panalangin noon sa Iyo*, *O aking* '*Rabb!*'

5. "*At katiyakan na ako ay nangangamba*, *na ang aking mga kamag-anak ay hindi nila maipagpapatuloy ang pagpapatupad ng Iyong* '*Deen*' *sa pinakatamang kaparaanan nito pagkatapos ng aking kamatayan*, *at hindi nila hihikayatin ang Iyong*

mga alipin tungo sa Iyo, *at ang aking asawa naman ay isa nang baog na hindi na nanganganak*, *na kung kaya*, *pagkalooban Mo ako ng anak mula sa Iyo na magmamana sa aking tungkulin at aking magiging kaagapay*.

6. "*Na mamanahin niya ang aking pagiging Propeta*, *ako at ang mga Propeta mula sa angkan ni Ya`qûb*, *at gawin Mo siyang anak na kalugud-lugod sa Iyo at ibilang sa mga alipin Mo na sumusunod!*"

7. (Sinabi ng Allâh ﷻ:) "*O Zakariyyã! Katiyakan*, *ipinagkakaloob Namin sa iyo ang magandang balita bilang katugunan sa iyong panalangin*, *na walang pag-aalinlangang ipagkakaloob Namin sa iyo ang bata na ang kanyang magiging pangalan ay si Yahyã* (عليه السلام), *na hindi pa Kami nagbigay ng ganitong pangalan sa sinuman na nauna sa kanya.*"

8. Sinabi ni Zakariyyã bilang pagkamangha: "*O aking* '*Rabb!*' *Paano ako magkakaroon ng anak*, *samantalang ang aking asawa ay isa nang baog na hindi na nanganganak*, *at ako ay umabot na sa matinding katandaan?*"

9. Sinabi ng anghel bilang pagtugon sa pagkamangha ni Zakariyyã: "*Ganoon ang tunay na pangyayari na tulad ng iyong sinasabi na pagiging baog ng iyong asawa at pag-abot mo sa matinding katandaan*, *subali't ang iyong* '*Rabb*' *ay nagsabi*: *Ang paglikha kay Yahyã sa ganitong pamamaraan ay napakadali para sa Allâh* (ﷻ)," pagkatapos ipinaalaala ng Allâh (ﷻ) kay Zakariyyã ang mas nakagugulat kaysa sa kanyang tinatanong, na Kanyang sinabi: "*Katiyakan*, *nilikha kita noon bago pa kay Yahyã*, *samantalang ikaw ay wala*."

10. Sinabi ni Zakariyyã bilang karagdagan na pagkakatiyak: "*O aking* '*Rabb!*' *Pagkalooban Mo ako ng tanda na magkakatotoo ang magandang balita na ibinalita sa akin ng mga anghel.*" Kanyang sinabi: "*Ang palatandaan ay hindi mo kayang makipag-usap sa mga tao sa loob ng tatlong gabi at tatlong araw samantalang ikaw ay walang sakit.*"

11. Lumabas si Zakariyyã mula sa '*Mihrâb*' – na ito ang lugar na kanyang pinagdarasalan na kung saan sa lugar na ito ipinagkaloob sa kanya ang balita na siya ay magkakaroon ng anak – na humarap sa kanyang sambayanan at kanyang isinenyas sa kanila, na purihin nila ang Allâh (ﷻ) sa umaga at sa hapon bilang pagpapasalamat sa Kanya.



12. (Sinabi niya sa kanyang anak): "*O Yahyã! Panghawakan mo ang* '*Tawrah*' *nang mahigpit at magsumigasig ka sa pagpapatupad nito*, *pagsasaulo at pag-iintindi ng mga talata nito.*" At pinagkalooban Namin siya ng karunungan at tamang pagkakaunawa habang siya ay maliit pa lamang.

13. At pinagkalooban Namin siya ng awa at pagmamahal mula sa Amin, at kadalisayan na malayo mula sa mga pagkakasala, at siya ay may takot na sumusunod sa Allâh (ﷻ), na isinasagawa ang mga ipinag-uutos at iniiwasan ang Kanyang ipinagbabawal.

14. At siya ay mabuti at magalang sa kanyang mga magulang at sumusunod sa kanila, at hindi siya nagmamataas sa pagsunod niya sa kanyang '*Rabb*' at gayundin sa kanyang mga magulang, na siya ay ganap na sumusunod sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at sa kanyang mga magulang.

15. At kapayapaan mula sa Allâh (ﷻ) para kay Yahyã (عليه السلام) at kaligtasan para sa kanya mula sa araw na siya ay ipinanganak, at sa araw na siya ay mamamatay at sa araw na siya ay bubuhayin na mag-uli mula sa libingan.

16. At ipahayag mo, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento hinggil kay Maryam ('*`alayhas salâm*') na nasa Dakilang Qur'ân noong siya ay lumayo sa kanyang pamilya, na siya ay nagtungo sa karatig na lugar sa gawing silangan.

17. At siya ay naglagay ng harang (dumistansiya o lumayo) sa pagitan ng kanyang pamilya at sa mga tao, at ipinadala Namin sa kanya si Anghel Jibril (عليه السلام), na nag-anyong tao na kapita-pitagan para sa kanyang paningin.

18. Sinabi niya: "*Katiyakan*, *hinihiling ko ang kalinga ng Pinakamahabaging Allâh* (ﷻ) *mula sa iyo*, *upang hindi ka makagawa ng masama laban sa akin kung ikaw ay tunay na may takot sa Allâh*."

19. Sinabi ng anghel sa kanya: "*Katiyakan*, *ako ay Sugo ng iyong* '*Rabb*' *na ipinadala sa iyo*; *upang ipagkaloob sa iyo ang malinis na sanggol mula sa anumang dungis ng kasalanan.*"

20. Sinabi niya sa anghel: "*Paano ako magkakaroon ng sanggol gayong walang sinuman ang nakahipo sa akin sa legal na pamamaraan bilang asawa at hindi ako mahalay na babae?*"

21. Sinabi sa kanya ng anghel: "*Ganoon ang tunay na pangyayari na katulad ng iyong sinasabi na walang sinumang lalaki ang humipo sa iyo at hindi ka mahalay*, *subali't ang iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay nagsabi*: '*Ang pangyayari ay napakadali para sa Akin*; *upang magkaroon ng ganitong uri ng sanggol bilang tanda ng katibayan para sa mga tao na nagpapatunay sa kapangyarihan ng Allâh* (ﷻ), *at siya* (*sanggol*) *ay awa mula sa Amin*, *at magiging masunurin sa kanyang ina at mabuti sa sangkatauhan*, *na ang paglikha kay `Îsã* (*Hesus* عليه السلام) *sa ganitong pamamaraan ay naitakda na*, *naitala na sa* '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*,' *na kung kaya*, *ito ay walang pag-aalinlangang magaganap.*"

22. At nagdalang-tao si Maryam pagkatapos hipan ni Anghel Jibril (عليه السلام) ang kanyang kasuotan sa gawing dibdib na bahagi, hanggang sa ang pag-ihip na ito ay umabot sa kanyang sinapupunan at nangyari ang pagdadalang-tao dahil doon, at siya ay umalis at nagtungo sa lugar na malayo sa mga tao.

23. At dumating sa kanya ang paghilab ng tiyan sa ilalim ng puno ng palmera ng '*Thamr*' (o datiles), bilang tanda na malapit na siyang manganak, at kanyang sinabi: "*Kaawa-awa naman ako*, *sana ay namatay na ako bago pa ito nangyari*, *at ako ay limot na ng mga tao na hindi na nila maalaala at malayo na sa kanilang pananaw*."

24. At tinawag siya ni Anghel Jibril, na sinasabing, "*Huwag kang magdalamhati*, *dahil katiyakang pinagkalooban ka ng iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng tubig na dumadaloy sa iyong paanan*."

25. "*At yugyugin mo ang puno ng palmera ng* '*Thamr*' *na nasa iyong harapan*, *na sasanhiin na malalaglag sa iyo nang kusa ang mga sariwang bunga ng* '*Thamr*' *mula sa puno*.



26. "*Pagkatapos ay kumain ka mula sa sariwang* '*Thamr*' *na ito at uminom mula sa tubig at magalak ka sa iyong sarili dahil sa iyong bagong silang na sanggol. At kapag may nakatagpo ka na sinumang tao na nagtanong hinggil sa iyo*, *na kung ano ang nangyari sa iyo*, *tugunan mo siya sa pamamagitan ng senyas*, *na sabihin mo*, '*Katiyakan*, *ipinangako ko sa aking sarili na ako ay hindi magsasalita*; *na kung kaya*, *mula ngayon ay hindi muna ako makikipag-usap sa mga tao*.'" Ang hindi pagsasalita sa batas nila noon ay ibinibilang na pagsamba at ito ay wala na sa batas na ibinigay kay Propeta Muhammad (ﷺ) sa ngayon.

27. At si Maryam ay nagtungo sa kanyang sambayanan na dala-dala niya ang sanggol mula sa lugar na kanyang pinagmulan, at noong siya ay kanilang nakita sa gayong kalagayan, kanilang sinabi sa kanya: "*O Maryam! Katiyakang nagdala ka ng isang kasindak-sindak na pangyayari.*"

28. "*O kapatid na babae ng mabuting tao na si Hâroun! Kailanman ang iyong ama ay hindi naging masamang tao na gumawa ng kahalayan at gayundin ang iyong ina na hindi masamang babae na nakiapid*."

29. Pagkatapos ay itinuro niya ang bagong sanggol na si `Îsã (عليه السلام) upang siya ang kanilang tanungin at pagsalitain, at kanilang sinabi nang may pagkamangha at di pagsang-ayon: "*Paano kami makikipag-usap sa isang sanggol na nasa kuna* (*duyan*) *at sumususo pa lamang?*"

30. Tumugon ang sanggol na si `Îsã na nasa kuna pa lamang na sumususo: "*Katiyakan*, *ako ay alipin ng Allâh*, *na Siyang nagpasiya na ako ay pagkalooban ng Aklat na* '*Injeel*,' *at ginawa Niya akong Propeta.*

31. "*At ginawa Niya akong pinagpala at kapaki-pakinabang kahit saan man ako naroroon*, *at inutusan Niya ako na pangalagaan ang pagsasagawa ng* '*Salâh*' *at magbigay ng obligadong kawanggawa habang ako ay nabubuhay.*

32. "*At ginawa Niya akong mabuti at masunurin sa aking ina*, *at hindi Niya ako ginawa na mapagmataas na masama na hindi sumusunod sa aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*."

33. "*At ang kapayapaan at kaligtasan ay sumaakin mula sa Allâh* (ﷻ) *sa araw na ako ay ipinanganak*, *at sa araw na ako ay mamamatay*, *at sa araw na ako ay bubuhayin na mag-uli sa Araw ng Muling Pagkabuhay*."

34. Ganito ang kuwento hinggil kay `Îsã (عليه السلام), na ikinukwento Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang kanyang katangian at buhay, na siya, si `Îsã na anak ni Maryam ay walang pag-aalinlangan na makatotohanan na siyang pinag-aalinlanganan ng mga Hudyo at mga Kristiyano.

35. At hindi maaari sa Allâh (ﷻ) at hindi angkop sa Kanyang Kadakilaan na Siya ay magkaroon ng anak mula sa Kanyang alipin at nilikha, Luwalhati at Kadalisayan sa Kanya, na kapag Siya ay nagpasiya at nagnais ng anumang bagay na maliit o malaki man ay walang anuman ang makapipigil sa Kanya, kundi sinasabi Niya lamang dito: "*Kun fayakun!*" – "*Mangyari at ito ay mangyayari*," ayon sa Kanyang pinagpasiyahan at kagustuhan!

36. At sinabi ni `Îsã sa kanyang sambayanan: "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay aking* '*Rabb*' *at inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na kung kaya*, *sambahin ninyo Siya nang bukod-tangi na walang katambal*, *at ito ang Matuwid na Landas*."

37. At pagkatapos ay nagkasalungatan ang iba't ibang grupo ng mga '*Ahlul Kitâb*' (mga Hudyo at mga Kristiyano) hinggil kay `Îsã, mayroon sa kanilang nagmalabis at ito ay ang mga Kristiyano dahil mayroon sa kanila ang nagsasabi na siya ang Allâh, at mayroon namang nagsabi na siya ay anak ng Allâh, at mayroon namang nagsasabi na siya ay isa sa tatlong persona. Ligtas ang Allâh (ﷻ) at Napakadakila hinggil sa anumang kanilang itinatanging kasinungalingan. At mayroon naman sa mga '*Ahlul Kitâb*' na mas mababa ang pagturing sa kanya at siya ay hinamak, na ito ay ang mga Hudyo dahil sa kanilang sinabi na: "*Siya ay nagsasagawa ng* '*Sihr*' *o salamangka*." At mayroon naman sa kanila na nagsasabi na siya ay anak ni Yûsuf na karpentero.

Na kung kaya, kapahamakan para sa mga yaong lumabag kapag sila ay humarap sa kalagim-lagim na dakilang Araw, na ito ay Araw ng Muling Pagkabuhay.

38. Napakalinaw ang kanilang pandinig at paningin sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na sa Araw na yaon ay haharap sila sa Amin, sa panahon na wala nang pakinabang ito sa kanila subali't ang mga masasama ngayon dito sa daigdig ay nasa malayo at malinaw na kamalian na pagkalayu-layo mula sa katotohanan.


وَأَنذِرْهُمْ يَوْمَ الْحَسْرَةِ إِذْ قُضِيَ الْأَمْرُ وَهُمْ فِي غَفْلَةٍ وَهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٣٩﴾ إِنَّا نَحْنُ نَرِثُ الْأَرْضَ وَمَنْ عَلَيْهَا وَإِلَيْنَا يُرْجَعُونَ ﴿٤٠﴾ وَاذْكُرْ
فِي الْكِتَابِ إِبْرَاهِيمَ إِنَّهُ كَانَ صِدِّيقًا نَّبِيًّا ﴿٤١﴾ إِذْ قَالَ لِأَبِيهِ يَا أَبَتِ
لِمَ تَعْبُدُ مَا لَا يَسْمَعُ وَلَا يُبْصِرُ وَلَا يُغْنِي عَنكَ شَيْئًا ﴿٤٢﴾ يَا أَبَتِ
إِنِّي قَدْ جَاءَنِي مِنَ الْعِلْمِ مَا لَمْ يَأْتِكَ فَاتَّبِعْنِي أَهْدِكَ صِرَاطًا
سَوِيًّا ﴿٤٣﴾ يَا أَبَتِ لَا تَعْبُدِ الشَّيْطَانَ إِنَّ الشَّيْطَانَ كَانَ لِلرَّحْمَٰنِ
عَصِيًّا ﴿٤٤﴾ يَا أَبَتِ إِنِّي أَخَافُ أَن يَمَسَّكَ عَذَابٌ مِّنَ الرَّحْمَٰنِ
فَتَكُونَ لِلشَّيْطَانِ وَلِيًّا ﴿٤٥﴾ قَالَ أَرَاغِبٌ أَنتَ عَنْ آلِهَتِي
يَا إِبْرَاهِيمُ لَئِن لَّمْ تَنتَهِ لَأَرْجُمَنَّكَ وَاهْجُرْنِي مَلِيًّا ﴿٤٦﴾ قَالَ
سَلَامٌ عَلَيْكَ سَأَسْتَغْفِرُ لَكَ رَبِّي إِنَّهُ كَانَ بِي حَفِيًّا ﴿٤٧﴾
وَأَعْتَزِلُكُمْ وَمَا تَدْعُونَ مِن دُونِ اللَّهِ وَأَدْعُو رَبِّي عَسَىٰ
أَلَّا أَكُونَ بِدُعَاءِ رَبِّي شَقِيًّا ﴿٤٨﴾ فَلَمَّا اعْتَزَلَهُمْ وَمَا يَعْبُدُونَ
مِن دُونِ اللَّهِ وَهَبْنَا لَهُ إِسْحَاقَ وَيَعْقُوبَ وَكُلًّا جَعَلْنَا نَبِيًّا ﴿٤٩﴾
وَوَهَبْنَا لَهُم مِّن رَّحْمَتِنَا وَجَعَلْنَا لَهُمْ لِسَانَ صِدْقٍ عَلِيًّا ﴿٥٠﴾
وَاذْكُرْ فِي الْكِتَابِ مُوسَىٰ إِنَّهُ كَانَ مُخْلَصًا وَكَانَ رَسُولًا نَّبِيًّا ﴿٥١﴾

39. At balaan mo ang mga tao, O Muhammad (ﷺ), hinggil sa pagdating ng Araw ng pagsisisi at pagdadalamhati, kapag pinagpasiyahan na ang isang bagay, at ihaharap sa kanila ang kamatayan sa kaanyuan ng isang tupa na ito ay kakatayin, at pagpapasiyahan na ang katotohanan. At ang mga mananampalataya ay patungo sa '*Al-Jannah*' (Hardin) at ang mga walang pananampalataya naman ay sa Impiyerno, samantalang sila sa kasalukuyang buhay dito sa daigdig ay nasa kapabayaan at kinalimutan nila kung ano ang ibinigay na babala sa kanila, na kung kaya, sila ay hindi naniwala at hindi gumagawa ng kabutihan.

40. Katiyakan, Kami ang magmamana ng buong kalupaan at ang anuman na nilalaman nito pagkatapos nila at Kami ang magpapasiya sa kanila, at sa Amin silang lahat ay magbabalik at huhukuman at gagantihan Namin sila ayon sa kung ano ang kanilang nagawa.

41. At ipahayag mo sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), mula sa Dakilang Qur'ân ang kuwento hinggil kay Ibrâhim (عليه السلام), na walang pag-aalinlangan na napakadakila ang kanyang katapatan, at siya ay kabilang sa mga Propeta ng Allâh na matataas ang kanilang antas.

42. Noong sinabi niya sa kanyang ama na si 'Âzar: "*O aking ama! Paano mo sinasamba ang mga diyus-diyusan na hindi nakakarinig at hindi nakakakita*, *at hindi ka mapapangalagaan ng sinasamba mo bukod sa Allâh sa anumang bagay na di-kanais-nais?*

43. "*O aking ama! Katiyakan*, *pinagkalooban ako ng Allâh* (ﷻ) *ng kaalaman na hindi ipinagkaloob sa iyo*, *na kung kaya*, *tanggapin mo ito mula sa akin*, *at sundin mo ako tungo sa aking paanyaya sa iyo*, *dahil ginagabayan kita tungo sa Matuwid na Landas na ikaw ay di-maliligaw*.

44. "*O aking ama! Huwag mong sundin si* '*Shaytân*,' *na dahil sa kanya ay sinamba mo ang mga rebultong ito na diyus-diyusan*; *dahil katiyakang si* '*Shaytân*' *ay nilabag niya ang Allâh* (ﷻ) *na Pinakamahabagin at hindi niya sinunod ang Allâh* (ﷻ) *bilang pagmamataas.*

45. "*O aking ama! Katiyakan*, *ako ay nangangamba na kayo ay mamamatay na walang pananampalataya*, *at mangyayari sa iyo ang parusa na mula sa Allâh* (ﷻ) *na Pinakamahabagin*, *at ikaw ay maging kasama ni* '*Shaytân*' *sa Impiyerno*."

46. Sinabi ng ama ni Ibrâhim sa kanyang anak: "*Tinatanggahin mo ba ang pagsamba sa aming mga diyus-diyusan*, *O Ibrâhim? Kung hindi ka titigil sa iyong pag-aalipusta sa aming mga diyus-diyusan ay papatayin kita sa pamamagitan ng pagbabato*, *na kung kaya*, *lumayo ka sa akin na ligtas at huwag mo na akong diktahan*, *at huwag kang mag-aksaya ng panahon sa pakikipag-usap sa akin.*"

47. Sinabi ni Ibrâhim sa kanyang ama: "*Kapayapaan ay sumaiyo mula sa akin! Na walang anumang bagay na maaaring mangyari sa iyo na hindi kanais-nais mula sa akin*, *at walang pag-aalinlangang idadalangin ko sa Allâh* (ﷻ) *ang iyong gabay at kapatawaran. Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Ganap na Mapagmahal at Maawain sa akin na ipinagkakaloob Niya sa akin ang anuman na aking panalangin*.

48. "*At ako ay lalayo mula sa inyo at sa inyong mga diyus-diyusan na sinasamba bukod sa Allâh*, *at ako ay mananalangin sa aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha nang taimtim*, *na nawa ay hindi ako biguin ng aking* '*Rabb*' *sa aking panalangin at ipagkakaloob Niya ito sa akin.*"

49. At nang siya ay lumayo na sa kanila at sa kanilang mga diyus-diyusan na mga sinasamba ay pinagkalooban Namin siya ng sanggol na anak na si Ishâq (عليه السلام), at mula kay Ishâq ay ang kanyang anak na si Ya`qûb (عليه السلام) at ginawa Namin sila na mga Propeta.

50. At ipinagkaloob Namin sa kanilang lahat ang Awa mula sa Amin bilang kagandahang-loob na walang hangganan, at ipinagkaloob Namin sa kanila ang karangalan na sila ay mananatiling pupurihin ng mga tao.

51. At ipahayag mo pa rin, O Muhammad (ﷺ), mula sa Dakilang Qur'ân, ang kuwento ni Mousã (عليه السلام) dahil siya ay walang pag-aalinlangang pinili ng Allâh (ﷻ) bilang Sugo at Propeta na kabilang sa mga matatag na mga Sugo.



52. At tinawag Namin si Mousã mula sa gawing kanan ng bundok ng Tûr sa lugar ng Sinai at inilapit Namin siya sa Amin at pinarangalan sa pamamagitan ng mahinang pakikipag-usap. Sa talatang ito ang pagpapatunay sa katangian ng Allâh (ﷻ) na pagsasalita ayon sa Kanyang Kadakilaan at Kaganapan.

53. At ipinagkaloob Namin kay Mousã sa pamamagitan ng Aming Awa at Biyaya ang kanyang kapatid na si Hâroun (عليه السلام) na pinili Namin bilang Propeta upang maging katulong niya.

54. At ipahayag mo, O Muhammad (ﷺ), mula sa Dakilang Qur'ân, ang kuwento ni Ismâ`il (عليه السلام), dahil katiyakan, siya ay tapat sa kanyang pangako, na wala siyang ipinangako na di niya tinupad, na siya ay Sugo at Propeta

55. At ipinag-utos niya sa kanyang pamilya na magsagawa ng '*Salâh*' at magbigay ng obligadong kawanggawa ('*Zakâh*') at siya ay kalugud-lugod sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha na Pinakadakila at Kataas-taasan.

56. At ipahayag mo rin, O Muhammad (ﷺ), mula sa Dakilang Qur'ân, ang kuwento ni Idrîs (Enoch عليه السلام), dahil katiyakan, siya ay napakadakila sa kanyang katapatan, sa kanyang salita at gawa, na siya ay Propeta na pinagkalooban ng Rebelasyon.

57. At iniangat Namin ang kanyang karangalan mula sa sangkatauhan at kabilang sa mga matataas na antas mula sa mga malalapit sa Allâh.

58. Sila ang mga yaong ikinuwento Ko sa iyo ang hinggil sa kanila, O Muhammad (ﷺ), na mga biniyayaan ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang Kagandahang-Loob at Gabay, na kung kaya, hinirang sila bilang mga Propeta mula sa angkan ni Âdam (عليه السلام), at ang iba sa kanila ay nagmula sa lahi ng mga isinakay Namin sa Arka na kasama ni Nûh (عليه السلام). At ang iba naman sa kanila ay nagmula sa lahi ni Ibrâhim (عليه السلام) at ang iba naman sa kanila ay nagmula sa lahi ni Ya`qûb (عليه السلام), at sila ay nagmulang lahat sa mga yaong ginabayan Namin sa Tamang Paniniwala at pinili Namin para sa Mensahe

ng Allâh at pagiging Propeta, na kung kaya, kapag binigkas sa kanila ang mga Talata mula sa ipinahayag ng Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin na nagsasaad ng Kanyang Kaisahan at mga Katibayan, ay nagpapatirapa sila bilang pagpapakumbaba sa Allâh (ﷻ) at nagsisiluha bilang takot sa Allâh (ﷻ).

59. At dumating pagkatapos nila na mga biniyayaan ang mga masasama na hindi na nagsasagawa ng '*Salâh*' o kung isinasagawa man nila ito ay wala na sa tamang oras, o di kaya ay nawala na ang mga yaong haligi o pundasyon ng '*Salâh*' at mga obligasyon nito na gawain, at ang sinunod lamang nila ay ang kanilang sariling kagustuhan (o pagnanasa). Na kung kaya, walang pag-aalinlangang matatamo nila ang napakasama at karima-rimarim na bagay, at pagkaligaw at pagkasawi sa Impiyerno.

60. Subali't sinuman ang nagsisi mula sa kanila sa kanyang nagawang kasalanan at naniwala sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na gumawa ng kabutihan bilang patunay sa kanyang pagsisisi, ay walang pag-aalinlangang tatanggapin ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang kanilang pagsisisi, at papapasukin sila sa '*Al-Jannah*' (Hardin) kasama ang mga mananampalataya na hindi mababawasan nang kahit kaunti ang anumang nagawa nilang kabutihan.

61. Na ito ay mga Hardin na walang-hanggan na roon sila ay mananatili, na ito ang ipinangako ng Pinakamahabaging Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin, na pangakong di nila nakikita subali't pinaniwalaan nila kahit di pa nila ito nakita. Katiyakan, ang ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin na '*Al-Jannah*' ay walang pag-aalinlangan na tiyak na magaganap.

62. Na hindi makakarinig ang mga nasa Hardin ng kahit na anumang salita na hindi makabuluhan, kundi ang maririnig lamang nila ay '*Salâm*' bilang pagbati sa kanila, at para sa kanilang kabuhayan doon ay patuloy na walang katapusang mga pagkain at inumin, sa kung kailan nila ito naisin, umaga at hapon.

63. Ganito ang Hardin sa pagiging mga katangian nito, na Aming ipamamana at ipagkakaloob sa Aming mga mababuti at matatakutin na mga alipin dahil sa kanilang pagsunod sa Aming mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Aming mga ipinagbabawal.

64. At sabihin mo, O Jibril (عليه السلام) kay Muhammad (ﷺ): Hindi kami bumababa, maging ang mga anghel mula sa kalangitan tungo sa kalupaan, kundi ito ay Kautusan ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa amin, na Siyang nagmamay-ari ng anumang nasa harapan na kabilang doon ang anumang mangyayari sa amin sa hinaharap sa Kabilang-Buhay at ang anumang nakalipas nang makamundong buhay, at gayundin ang anuman na nasa pagitan ng dalawang ito, na kung kaya, Pagmamay-ari Niyang lahat ang nasa panahon at lugar; kailanman ay walang anumang bagay ang Kanyang makaliligtaan.



65. Na Siya ang Allâh (ﷻ), ang '*Rabb*' na Nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan at ng anuman na nasa pagitan ng mga ito, na Siya ang Nagmamay-ari nitong lahat, Tagapaglikha at Tagapangasiwa, na kung kaya, sambahin mo Siya, O Muhammad (ﷺ), nang bukod-tangi at magtiis ka sa pagsunod mo sa Kanya, gayundin ang sinumang susunod sa iyo, Siya ay walang anumang katulad sa Kanyang Sarili, sa Kanyang mga Pangalan, sa Kanyang mga Katangian at sa Kanyang mga Gawain.

66. At sasabihin ng mga taong walang pananampalataya bilang pagtanggi sa Pagkabuhay na Mag-uli pagkatapos ng kamatayan: "*Kapag ako ba ay namatay at naglaho na, ay mabubuhay pa ba akong muli at lilitaw mula sa aking libingan?*"

67. Paano nakaligtaan ng taong walang pananampalatayang ito ang kanya mismong sarili? Hindi niya ba naaalaala na nilikha Namin siya sa unang pagkakataon, samantalang siya ay nagmula sa wala?

68. Samakatuwid sumusumpa Ako sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), na titipunin Namin ang lahat ng mga hindi naniwala sa pagkabuhay na mag-uli sa Araw ng Muling Pagkabuhay at kasama ang mga '*Shaytân*' at dadalhin Namin silang lahat sa palibot ng Impiyerno na sila ay maninikluhod, dahil sa kagimbal-gimbal na kanilang nasaksihan ay hindi na nila makakayanan pang tumayo.

69. Pagkatapos ay kakaladkarin Namin mula sa bawa't grupo ang sinumang pinakamatindi ang kanyang paghihimagsik at paglabag sa Allâh at siya ang uunahin Naming paparusahan.

70. Pagkatapos, walang pag-aalinlangan, Kami ang Ganap na Nakaaalam sa mga yaong karapat-dapat na makapasok ng Impiyerno at magdusa sa lagablab nito.

71. At walang sinuman sa inyo, O kayong mga tao, kundi makararaan dito sa Impiyerno sa pamamagitan ng pagdaan sa tulay na inilagay sa ibabaw nito, na ang bawa't isa ay makakaraan dito batay sa kanyang gawa, at ito ay Itinakda ng Allâh (ﷻ) at pinagpasiyahan na walang pag-aalinlangang magaganap.

72. Pagkatapos ay iniligtas Namin ang mga yaong may takot sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang kagustuhan at paglayo sa anumang labag sa Kanya, at pababayaan Namin sa Impiyerno ang mga mapang-api sa kanilang mga sarili dahil sa kanilang paglabag na sila ay magmamakaawa na naninikluhod.

73. Na kapag ang Aming mga malilinaw na talata ay binibigkas sa mga tao ay sasabihin ng mga walang pananampalataya sa mga mananampalataya: "*Sino ba sa dalawang grupo mula sa amin o mula sa inyo ang may pinakamabuting patutunguhan at may pinakamabuting kaluluklukan?*"

74. At gaano karami ang henerasyon na Aming winasak na nauna sa iyong sambayanan na mga walang pananampalataya, O Muhammad (ﷺ), na sila ay nabibilang sa mga sambayanan na mas higit ang kanilang naging katayuan sa yaman, kabutihan at panlabas na kaanyuan kaysa sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ)?

75. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): Sinuman ang nasa pagkaligaw na hindi sumusunod sa daan ng patnubay ay pagbibigyan siya ng Pinakamahabaging Allâh (ﷻ) sa kanyang kalagayan at luluwagan siya sa pagkaligaw na ito, bilang dahan-dahang pagparusa sa kanya nang hindi niya namamalayan, hanggang kapag nakita na niya ang ipinangako sa kanilang kaparusahan, na alinman sa dalawa: maaaring ang parusang ito ay maagang igawad sa kanila rito sa daigdig o maaari ring sa Oras ng pagkagunaw ng sandaigdigan, walang pag-aalinlangang mababatid ng sinuman doon kung sino ang may pinakamasamang kalalagyan, at kung sino ang may pinakamahina sa puwersa.

76. At daragdagan ng Allâh (ﷻ) ng patnubay ang mga yaong nagpakatuwid sa Kanyang '*Deen*' nang higit pa kaysa sa kanilang natamo na mga patnubay sa pamamagitan ng pagpapatibay ng kanilang pananampalataya sa pagsunod sa ipinag-utos ng Allâh at pagsagawa nito. At ang mababuting gawa ang nananatili, na higit na mabuti ang gantimpala nito sa Allâh (ﷻ) sa Kabilang-Buhay at higit na mabuti ang ibubunga nito.



77. Nakita mo ba, O Muhammad (ﷺ), na may pagkamangha, siya na walang pananampalataya na tulad ni Al-`As Ibn Wa`il at ang mga katulad niya, noong nilabag niya ang mga '*Âyât*' ng Allâh, at di niya pinaniwalaan na kanyang sinabi: "*Katiyakan*, *na pagkakalooban ako sa Kabilang-Buhay ng mga kayamanan at mga anak*."

78. Batid niya ba ang '*Al-Ghayb*' (mga kaalaman hinggil sa mga bagay na di-nakikita), na nakita niya na mayroon siyang yaman at anak doon, o di kaya ay mayroon ba siyang pinagkasunduan sa Allâh (ﷻ) hinggil dito?

79. Ang katotohanan ay hindi ang katulad ng kanyang inangkin, dahil wala siyang alam at wala siyang ginawang kasunduan sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, walang pag-aalinlangan, itatala Namin ang anuman na kanyang sinabing pagsisinungaling at pag-aangkin laban sa Allâh (ﷻ), at daragdagan Namin siya sa Kabilang-Buhay ng iba't iba pang mga kaparusahan, na katulad ng pagkakaragdag sa kanya sa pagkaligaw.

80. At mapapasa-Amin ang kanyang kayamanan at mga anak, at darating siya sa Araw ng Muling Pagkabuhay na nag-iisa, na wala siyang dalang anumang kayamanan at anak.

81. At nagturing ang mga walang pananampalataya ng mga diyus-diyusan na kanilang sinasamba bukod sa Allâh; upang ito ang maging kaagapay nila at maipagmamalaki.

82. Subali't ang mangyayari ay hindi ang yaong kanilang inaasahan dahil hindi naging karangalan ang pagmamalaki nila sa kanilang mga diyus-diyusan, kundi tatanggihan sila ng mga diyus-diyusan na ito sa Kabilang-Buhay hinggil sa ginawang pagsamba nila sa kanila, at ito ay magiging katibayan laban sa kanila dahil sa

kanilang pagtanggi at pagsisinungaling, na ito ay naging salungat sa kanilang inaasahan.

83. Hindi mo ba nakita, O Muhammad (ﷺ), na Kami ay nagpadala ng mga Satanas laban sa mga walang pananampalataya sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo upang sila ang kumuntrol sa kanila at ilalayo sila sa pagsunod sa Allâh tungo sa paglabag?

84. Na kung kaya, huwag mong madaliin, O Muhammad (ﷺ), ang paghingi na parusahan sila na mga walang pananampalataya, dahil katiyakang binibilang Namin ang kanilang mga araw at kanilang mga gawain, nang walang pagkukulang at walang pag-aantala.

85-86. Sa Araw na titipunin Namin ang mga '*Al-Muttaqin*' – may takot sa Allâh dito sa daigdig – tungo sa '*Rabb*' na Pinakamahabagin bilang kagalang-galang na panauhin, at kakaladkarin (naman) Namin ang mga walang pananampalataya na may kalupitan tungo sa Impiyerno, na sila ay nasa masidhing pagkauhaw.

87. At walang kapangyarihan ang mga walang pananampalataya na mamagitan kaninuman, subali't ang may kapangyarihan lamang na mamagitan ay ang mga yaong tumanggap ng kapahintulutan o pinangakuan ng Pinakamahabaging Allâh (ﷻ), at sila ay ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo.

88. At sinabi nila na mga walang pananampalataya: "*Ang Allâh* (ﷻ) *na Pinakamahabagin ay nagkaroon ng anak!*"

89. Katiyakan, nakagawa kayo, O kayo na mga nagsasabi nito, ng napakalaking kalapastanganan.

90-91. Na halos sumambulat at mawasak ang mga kalangitan dahil sa napakasidhing kalapastanganang ito, at ang kalupaan ay magkabiyak-biyak, at gumuho nang lubusan ang mga kabundukan dahil sa galit ng mga ito nang alang-alang sa Allâh, dahil sa pagtatangi nila ng anak para sa Allâh. Luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Siya ay ganap na ligtas sa mga ganitong paratang.

92. At hindi angkop sa kaganapan ng Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin at hindi karapat-dapat sa Kanyang Kamaharlikaan ang pagkakaroon ng anak, dahil ang pagkakaroon ng anak ay nangangahulugan ng kakulangan at pangangailangan, at ang Allâh (ﷻ) ay hindi nangangailangan ng sinuman, Siya ay kapuri-puri na malayung-malayo sa anumang kakulangan.

93. Walang sinuman mula sa mga kalangitan na mga anghel at sa kalupaan na mga tao at mga '*Jinn*' kundi sila ay haharap sa kanilang '*Rabb*' sa Araw ng Muling Pagkabuhay bilang alipin, nagpapakumbaba na pinatutunayan ang pagiging alipin niya sa Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin.

94. Katiyakan, batid Niya ang lahat ng Kanyang nilikha at alam Niya ang bilang ng mga ito nang ganap at walang anuman ang naililihim sa Kanya.

95. At walang pag-aalinlangan, ang bawa't isa na nilikha ay haharap sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Araw ng Muling Pagkabuhay na siya ay nag-iisa, walang kayamanang dala-dala at walang anak.



96. Katiyakan, ang mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa mga Sugo at gumawa ng mga kabutihan ayon sa Kanyang batas, katiyakang sila ay pagkakalooban ng Allâh (ﷻ) ng pagmamahal na sila ay mamahalin ng Kanyang mga alipin.

97. Na kung kaya, sinanhi Namin ang Qur'ân na ito na madali sa pamamagitan ng iyong salita, O Muhammad (ﷺ), na '*Arabic*;' upang maipamalita mo ito sa mga may takot sa Allâh mula sa iyong mga tagasunod, at babalaan mo sa pamamagitan nito ang mga walang pananampalataya na matitindi ang kanilang pakikipagtalo sa kamalian.

98. At gaano karami, O Muhammad (ﷺ), ang winasak Namin na mga sambayanan na nauna kaysa sa iyong sambayanan, na wala ka nang sinumang nakikita sa kanila at hindi mo na naririnig pa ang kanilang mga ugong o hinaing, na kung kaya, ang mga walang pananampalataya mula sa iyong sambayanan ay Amin ding wawasakin na tulad ng ginawa Naming pagwasak sa mga nauna sa kanila? Dito sa talatang ito ay matinding babala sa pagkawasak ng mga walang pananampalataya na nagmamatigas.

سورة طه 20

XX – Sûrat Tâ-Hâ

[Kabanata Tâ-Hâ – (Mga Titik) Tâ-Hâ]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Tâ-Hâ*. Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Hindi Namin ibinaba sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Qur'ân na ito para ikaw ay magdalamhati sa pagsasagawa ng hindi mo kayang gawin.

3. Subali't ito ay ibinaba Namin sa iyo bilang pagpapayo; upang paalalahanan ang sinumang natatakot sa parusa ng Allâh (ﷻ), na kung kaya, kanya itong iiwasan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga ipinagbabawal.

4. Ang Qur'ân na ito ay ibinaba mula sa Allâh (ﷻ) na Lumikha ng kalupaan at ng mga kalangitan na matataas.

5. Ang Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin ay nag-'*Istawâ*' – pumaroon sa taas ng Kanyang ``*Arsh*' (isinaling Trono) sa pamamaraan na angkop na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan at Kadakilaan.

6. Pagmamay-ari Niya ang lahat ng nasa mga kalangitan at ang lahat ng nasa kalupaan, at ang lahat ng mga nasa pagitan ng mga ito, at ang lahat ng mga nasa ilalim ng kalupaan. Nilikha Niya ang lahat-lahat ng mga ito, na nasa ilalim ng Kanyang Pagtatangan at Pangangasiwa.

7. At kahit lakasan mo pa ang iyong pananalita, O Muhammad (ﷺ), bilang paglantad o ilihim mo man ito, katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay walang anuman ang naililihim sa Kanya, batid Niya ang anumang lihim at kahit ang higit pa na lihim na ikaw lamang ang nagkikimkim.

8. Ang Allâh (ﷻ)! '*Lâ ilâha illa Huwa*' – walang sinumang '*ilâh*' (diyos na sinasamba) o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya! Na Siya lamang ang Bukod-Tangi na Nagmamay-ari ng mga Ganap na Katangian bilang mga Pangalan.

9. At dumating ba sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento hinggil kay Mousã (عليه السلام) na anak ni `Imrân?

10. Noong nakita niya sa gabi ang apoy na nagniningas, at kanyang sinabi sa kanyang pamilya: "*Maghintay kayo*, *dahil katotohanang nakakita ako ng apoy*, *na baka sakaling makapagdala ako mula roon ng nagniningas na bagay upang mainitan kayo at saka mapagdingasan ninyo o di kaya ay makatatagpo ako roon ng gabay na magtuturo sa atin ng daan.*"

11-12. Nang dumating si Mousã (عليه السلام) sa apoy na yaon ay tinawag siya ng Allâh (ﷻ): "*O Mousã*, *katiyakan*, *Ako ang iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na kung kaya, tanggalin mo ang iyong panyapak*, *dahil walang pag-aalinlangan*, *ikaw ngayon ay nasa mabiyaya at sagradong lambak ng* '*Tuwa*,'" na ito ay bilang paghahanda sa kanyang pakikipag-usap sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na kung kaya, inalis niya ang kanyang dalawang panyapak at iniwan.


وَأَنَا اخْتَرْتُكَ فَاسْتَمِعْ لِمَا يُوحَىٰ ﴿١٣﴾ إِنَّنِي أَنَا اللَّهُ لَا إِلَٰهَ إِلَّا أَنَا
فَاعْبُدْنِي وَأَقِمِ الصَّلَاةَ لِذِكْرِي ﴿١٤﴾ إِنَّ السَّاعَةَ آتِيَةٌ
أَكَادُ أُخْفِيهَا لِتُجْزَىٰ كُلُّ نَفْسٍ بِمَا تَسْعَىٰ ﴿١٥﴾ فَلَا يَصُدَّنَّكَ
عَنْهَا مَنْ لَا يُؤْمِنُ بِهَا وَاتَّبَعَ هَوَاهُ فَتَرْدَىٰ ﴿١٦﴾ وَمَا تِلْكَ
بِيَمِينِكَ يَا مُوسَىٰ ﴿١٧﴾ قَالَ هِيَ عَصَايَ أَتَوَكَّأُ عَلَيْهَا
وَأَهُشُّ بِهَا عَلَىٰ غَنَمِي وَلِيَ فِيهَا مَآرِبُ أُخْرَىٰ ﴿١٨﴾ قَالَ أَلْقِهَا
يَا مُوسَىٰ ﴿١٩﴾ فَأَلْقَاهَا فَإِذَا هِيَ حَيَّةٌ تَسْعَىٰ ﴿٢٠﴾ قَالَ خُذْهَا
وَلَا تَخَفْ ۖ سَنُعِيدُهَا سِيرَتَهَا الْأُولَىٰ ﴿٢١﴾ وَاضْمُمْ يَدَكَ
إِلَىٰ جَنَاحِكَ تَخْرُجْ بَيْضَاءَ مِنْ غَيْرِ سُوءٍ آيَةً أُخْرَىٰ ﴿٢٢﴾ لِنُرِيَكَ
مِنْ آيَاتِنَا الْكُبْرَى ﴿٢٣﴾ اذْهَبْ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ إِنَّهُ طَغَىٰ ﴿٢٤﴾ قَالَ
رَبِّ اشْرَحْ لِي صَدْرِي ﴿٢٥﴾ وَيَسِّرْ لِي أَمْرِي ﴿٢٦﴾ وَاحْلُلْ عُقْدَةً مِنْ
لِسَانِي ﴿٢٧﴾ يَفْقَهُوا قَوْلِي ﴿٢٨﴾ وَاجْعَلْ لِي وَزِيرًا مِنْ أَهْلِي ﴿٢٩﴾ هَارُونَ
أَخِي ﴿٣٠﴾ اشْدُدْ بِهِ أَزْرِي ﴿٣١﴾ وَأَشْرِكْهُ فِي أَمْرِي ﴿٣٢﴾ كَيْ نُسَبِّحَكَ
كَثِيرًا ﴿٣٣﴾ وَنَذْكُرَكَ كَثِيرًا ﴿٣٤﴾ إِنَّكَ كُنْتَ بِنَا بَصِيرًا ﴿٣٥﴾ قَالَ قَدْ
أُوتِيتَ سُؤْلَكَ يَا مُوسَىٰ ﴿٣٦﴾ وَلَقَدْ مَنَنَّا عَلَيْكَ مَرَّةً أُخْرَىٰ ﴿٣٧﴾

13. "*At katiyakang pinili kita*, *O Mousã*, *sa Aking mensahe*, *na kung kaya*, *makinig ka sa anumang ipapahayag sa iyo mula sa Akin*.

14. "*Katiyakan*, *walang pag-aalinlangan*, *Ako ang Allâh* (ﷻ)*! 'Lâ ilâha illa Ana' – walang sinumang diyos na sinasamba o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin bukod sa Akin*, *wala Akong katambal*, *na kung kaya*, *Ako lamang ang sambahin ninyo*, *at isagawa mo ang 'Salâh' bilang papuri at pagpapaalaala sa Akin.*

15. "*Walang pag-aalinlangan*, *ang Oras ng pagkagunaw ng sandaigdigan ay katiyakang magaganap*, *at halos ilihim Ko ito sa Aking Sarili*, *na kung kaya*, *paano ito malalaman ng sinuman sa Aking mga nilikha*; *upang ang bawa't tao ay gantimpalaan sa anuman na kanyang nagawa rito sa daigdig*, *mabuti man o masama?*

16. "*Na kung kaya*, *huwag hayaan ng iyong sarili*, *O Mousã*, *na ilalayo ka sa paniniwala rito at paghahanda ng sinumang hindi naniwala na ito ay magaganap*, *na ang pawang sinusunod lamang ay ang kanyang sariling kagustuhan at ito ay kanyang pinasinungalingan*, *dahil ikaw kung gayon ay mapapahamak*."

17. "*At ano naman iyang tangan-tangan ng iyong kanang kamay*, *O Mousã?*"

18. Sinabi ni Mousã: "*Ito ay aking tungkod*, *na aking itinutukod sa aking paglalakad at aking inihahampas sa mga sanga ng mga puno na sa pamamagitan nito ay nahuhulog ang mga dahon upang mapakain ko ang aking mga kambing*, *at maliban sa mga ito ay mayroon pa akong ibang kapakinabangan*."

19. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Mousã (عليه السلام): "*Ihagis mo ang iyong tungkod!*"

20. At ito ay inihagis ni Mousã sa lupa, subali't sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ) ay nagbago ang anyo nito at naging ahas, at nang nakita ni Mousã ang matinding pangyayaring ito, siya ay tumalikod at tumalilis.

21-22. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Mousã: "*Kunin mo ang ahas at huwag kang matakot*, *dahil walang pag-aalinlangang ibabalik Namin ang iyong tungkod sa dati nitong kaanyuan. Ipasok mo ang iyong* (*kanang*) *kamay sa iyong kabilang kamay sa ilalim ng iyong braso at ito ay lalabas na maputing-maputi na parang kulay ng yelo subali't hindi ito sakit na anan*; *nang sa gayon*, *ito ay maging isa pang palatandaan para sa iyo.*

23. "*Ito ay Aming ginawa*; *upang ipakita Namin sa iyo*, *O Mousã*, *ang ilan sa Aming mga Dakilang Katibayan na nagpapatunay ng Aming kapangyarihan*, *dakilang kakayahan at nagpapatotoo sa iyong mensahe*.

24. "*Magtungo ka*, *O Mousã*, *kay Fir`âwn*; *dahil katiyakang lumampas na siya sa hangganan at naghimagsik laban sa kanyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na kung kaya*, *anyayahan mo siya tungo sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at bukod-tanging pagsamba sa Kanya*."

25-35. Sinabi ni Mousã: "*O aking* '*Rabb!*' *Luwagan Mo ang aking dibdib at gawin Mong madali ang aking gawain*, *at hayaan Mo ang aking dila na maging malinaw sa pagbigkas*; *upang maintindihan nila ang aking sinasabi. At gawin Mo na makatutulong sa akin mula sa aking pamilya si Hâroun na aking kapatid. At palakasin Mo ako sa pamamagitan niya at dagdagan mo ang aking lakas*, *at pahintulutan Mo siyang makibahagi sa tungkulin na makasama ko siya sa pagiging Propeta at paghahayag ng mensahe*; *upang luwalhatiin Ka namin nang maraming papuri*, *at alalahanin Ka namin nang labis at purihin Ka namin*, *dahil katotohanan*, *Ikaw ang* '***Baseer***' *– Ganap na Nakakakita sa amin*, *na walang anuman ang naililihim sa Iyo mula sa aming mga gawain.*"

36. Sinabi ng Allâh (ﷻ): "*Walang pag-aalinlangan*, *ipinagkaloob Ko sa iyo ang lahat ng iyong kahilingan*, *O Mousã.*

37. "*At katiyakan*, *biniyayaan Ka namin*, *O Mousã*, *bago pa ito*, *ng isa pang biyaya*, *noong ikaw ay sanggol pa lamang ay iniligtas ka Namin mula sa pagmamalupit ni Fir`âwn*.



38-39. "*At ito ay noong inutusan Namin ang iyong ina sa pamamagitan ng inspirasyon* (*sa pagsasabi*):

'*Ilagay mo ang iyong anak na si Mousã sa* '*Tabut*' (*kahon*) *pagkasilang mo sa kanya*, *pagkatapos ay itapon mo sa ilog ng Nile*, *at aanurin naman ito ng ilog sa gilid*, *at kukunin siya ni Fir`âwn na Aking kalaban at kanyang kalaban.*' *At ipinagkaloob Ko sa iyo ang pagmamahal mula sa Akin upang ikaw ay mapamahal sa mga tao*, *at siya ay lalaki sa ilalim ng Aking pagmamatyag at pangangalaga*."

Dito sa talatang ito ang pagpapatunay sa Katangian ng Allâh (ﷻ) hinggil sa pagkakaroon Niya ng Paningin na angkop sa Kanyang kadakilaan at kaganapan.

40. "*Inilagay ka Namin sa ilalim ng Aming pangangalaga at bilang biyaya na rin sa iyo*, *noong naglalakad ang iyong kapatid na babae na sinusundan ka habang ikaw ay naaanod*, *at sinabi niya sa nakakuha sa iyo*: '*Maaari bang ituro ko sa inyo kung sino ang mag-aalaga sa kanya at pasususuhin siya para sa inyo?*'

"*At ibinalik ka Namin sa iyong ina pagkatapos kang mapasakamay ni Fir`âwn; upang maging mapayapa ang kanyang kalooban dahil sa ikaw ay nakaligtas mula sa pagkalunod at pagkamatay*, *at hindi na siya mangamba.*

"*Pagkatapos ay napatay mo ang isang lalaking Ehípsiyó* ('*Egyptian*') *bilang pagkakamali at iniligtas ka Namin mula sa matinding pagdadalamhati dahil sa iyong nagawa at sa pagkatakot mo na mamatay*, *at sinubok ka Namin ng matinding pagsubok sa pamamagitan nito*, *at ikaw ay umalis na natatakot patungo sa mga taga-Madyan*, *at nanatili ka roon nang maraming taon*, *pagkatapos ikaw ay dumating sa Ehipto mula sa Madyan ayon sa nakatakdang panahon na itinakda Namin na pagsugo sa iyo bilang Propeta*, *O Mousã*; *na ito ay angkop na angkop sa pagkakatakda ng Allâh* (ﷻ) *at Kanyang kagustuhan*, *at ang lahat ng bagay ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh* (ﷻ) *na Kataas-taasan.*

41. "*At biniyayaan kita*, *O Mousã*, *ng mga biyayang ito bilang pagpili Namin sa iyo para sa Aming mensahe*, *at pamamahayag mula sa Amin na pagsunod sa Aking ipinag-uutos at pag-iwas sa Aking ipinagbabawal*.

42-44. "*Magtungo ka*, *O Mousã*, *ikaw at ang iyong kapatid na si Hâroun*, *na dala-dala ang Aking mga palatandaan na nagpapatunay sa Aking pagiging* '*Ilâh*' (*o Diyos na sinasamba*) *at sa Aking Ganap na Kapangyarihan na nagpapatotoo ng iyong mensahe*, *na kung kaya*, *huwag kayong manghina sa pagpapatuloy ng pagpapaalaala para sa Akin*, *tumungo kayong dalawa kay Fir`âwn*; *dahil walang pag-aalinlangan*, *siya ay lumampas na ng hangganan sa pagtanggi at paghimagsik*, *at magsalita kayo sa kanya nang malumanay na salita*; *baka sakaling siya ay tumanggap ng paalaala o matakot sa kanyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*."

45. Sinabi ni Mousã at saka ni Hâroun: "*O aming* '*Rabb!*' *Katiyakan*, *natatakot kami na baka kami ay parusahan niya o di kaya ay maghimagsik siya sa katotohanan at hindi niya ito tatanggapin*."

46-48. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Mousã at saka kay Hâroun: "*Huwag kayong matakot kay Fir`âwn*; *dahil katiyakan*, *Ako ay kasama ninyo sa pamamagitan ng Aking pandinig at paningin*, *naririnig Ko ang inyong sinasabi at nakikita Ko ang inyong ginagawa*, *na kung kaya*, *pumunta kayong dalawa sa kanya at ito ang sabihin ninyong dalawa sa kanya*: '*Katiyakan*, *kaming dalawa ay Sugo tungo sa iyo mula sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na pakawalan mo ang mga angkan ni Isrâ`îl*, *at huwag silang utusan na gumawa ng mga mabibigat na gawain na hindi nila kaya*, *katotohanan*, *dala namin sa iyo ang mga palatandaan bilang himala mula sa iyong* '*Rabb*' *na nagpapatunay na kami ay totoo sa aming paanyaya*, *at nagpapatunay din na ang sinumang susunod sa gabay ng Allâh* (ﷻ) *ay ligtas siya sa anumang parusa ng Allâh* (ﷻ). *Katiyakan*, *ang iyong* '*Rabb*' *ay nagpahayag sa amin*, *na ang Kanyang parusa ay para sa sinumang tumanggi at tinalikuran ang Kanyang paanyaya at batas*.'"

49. Sinabi ni Fir`âwn sa dalawa: "*Bakit*, *sino ba ang* '*Rabb*' *ninyong dalawa*, *O Mousã?*"

50. Sinabi sa kanya ni Mousã: "*Ang aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Siyang nagkaloob ng lahat ng bagay na tinataglay ng Kanyang nilikha na naaangkop sa bawa't katangian nito at pagkakalikha*, *at pagkatapos ginabayan Niya ang lahat ng nilikha tungo sa kung paano pakikinabangan ang anuman na Kanyang nilikha para sa kanila.*"

51. Sinabi ni Fir`âwn kay Mousã: "*Paano na ang mga naunang sambayanan na nauna sa pagtanggi at di-paniniwala?*"



52. Sinabi ni Mousã kay Fir`âwn: "*Ang kaalaman hinggil sa kanila at sa kung ano ang kanilang ginawa ay nasa Allâh* (ﷻ) *lamang na naitala sa 'Al-Lawh Al-Mahfoudh*,' *wala akong kaalaman hinggil doon. Hindi nagkakamali ang Allâh* (ﷻ) *sa Kanyang Gawain at sa Kanyang mga Batas*, *at wala Siyang anumang nakaliligtaan sa lahat ng Kaalaman na nasa Kanya*."

53. Siya ang Lumikha ng kalupaan para sa inyo na ginawang madali sa inyo ang makinabang mula rito dahil ito ay parang nakalatag, at ginawa Niya para sa inyo sa ibabaw nito ang maraming daanan, at ibinaba Niya sa kalangitan ang mga ulan, at pinasisibol Niya sa pamamagitan nito ang iba't ibang uri ng mga pananim.

54. Na kung kaya, kumain kayo, O kayong mga tao, mula sa anumang mga mababuti na Aming pinasibol para sa inyo, at dito ninyo alagaan ang inyong mga inaalagaang hayop. Katiyakan, sa mga nabanggit na ito ay mga palatandaan sa Kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) at paanyaya tungo sa paniniwala sa Kanyang Kaisahan at pagsamba lamang nang bukod-tangi sa Kanya para sa sinumang nagtatangan ng matitinong kaisipan.

55. Mula sa lupa ay nilikha Namin kayo, O kayong mga tao! At sa kalupaan ding ito kayo ay Aming ibabalik pagkatapos ng inyong kamatayan, at mula rito na inyong pinagbalikan ay bubuuin Namin kayong muli para sa Paghuhukom at Pagbabayad sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

56. At katiyakan, ipinakita Namin kay Fir`âwn ang Aming mga katibayan at palatandaan na lahat ay nagpapatunay sa Aming Kapangyarihan; at sa karapatan ng Allâh (ﷻ) na Siya lamang ang bukod-tangi na nararapat sasambahin, at nagpapatunay sa mensahe na dala-dala ni Mousã, subali't ito ay kanyang tinanggihan at hindi niya pinaniwalaan ang katotohanan.

57. Sinabi ni Fir`âwn: "*Dumating ka ba sa amin*, *O Mousã*, *upang kami ay paalisin mula sa aming bayan sa pamamagitan ng iyong salamangka?*

58. "*Samakatuwid*, *walang pag-aalinlangan*, *kaya rin naming magpakita sa iyo ng salamangka na katulad ng iyong dala-dala*, *na kung kaya*, *magtakda ka ng panahon*

ng pakikipagharap sa pagitan namin at sa pagitan mo, *na pangakong tutuparin nang pareho*, *kami at gayundin sa iyo*, *sa patag na lugar na kung saan doon ay magkakaroon ng makatarungan at patas na pakikipagsapalaran ang pareho*."

59. Sinabi ni Mousã kay Fir`âwn: "*Ang itinakdang pakikipagharap para sa inyo ay sa araw ng pagdiriwang o pista na sa araw na yaon ay nakagayak ang mga tao*, *at hayaang magtipun-tipon ang mga tao na mula sa iba't ibang dako kapag ang araw ay nakasikat na.*"

60. Na kung kaya, tinanggihan ni Fir`âwn at tinalikuran ang anumang dala-dala ni Mousã na katotohanan, sa halip ay tinipon niya ang kanyang mga salamangkero at isinagawa niya ang pakana at pagkatapos ay dumating sa nakatakdang pagtitipun-tipon.

61. Sinabi ni Mousã sa mga salamangkero ni Fir`âwn bilang pagpapayo: "*Mag-ingat kayo! Huwag kayong gumawa ng anumang kasinungalingan laban sa Allâh* (ﷻ), *dahil pupuksain kayo sa pamamagitan ng parusa na mula sa Kanya at papatayin kayong lahat. Katiyakan na hindi magtatagumpay ang sinumang nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh* (ﷻ)."

62-64. Pagkatapos ay nagpulung-pulong ang mga salamangkero ni Fir`âwn at pinagtalunan nila ang patungkol sa kung ano ang kanilang gagawin at ito ay pinanatili nilang lihim, na kanilang sinabi: "*Katiyakan*, *si Mousã at saka si Hâroun ay dalawang salamangkero na nais nilang dalawa na kayo ay paalisin sa inyong bayan sa pamamagitan ng kanilang salamangka*, *upang maagaw ang inyong karangalan*.

"*Na kung kaya*, *isagawa ninyo nang maayos ang inyong mga pakana*, *at maging matatag kayo at huwag kayong magkakasalungatan*, *at pagkatapos ay magtipun-tipon kayo na iisang hilera* (*hanay*) *at ipakita ninyo ang anuman na hawak-hawak ninyong galing nang sabay-sabay*, *upang makuha ninyo ang atensiyon ng mga tao at magapi ninyo ang salamangka ni Mousã at ng kanyang kapatid*. *At katiyakan*, *ang magtatagumpay lamang sa ngayon ay ang sinumang mangingibabaw sa kanyang kalaban at ito ay kanyang matatalo at magagapi.*"

65. Sinabi ng mga salamangkero: "*O Mousã! Maaaring alin sa dalawa*: *ikaw muna ang magbitiw ng iyong tungkod o di kaya ay kami ang mag-umpisa at ipamalas namin ang anuman na hawak-hawak namin.*"



66-67. Sinabi sa kanila ni Mousã: "*Hindi ako ang mauuna*, *kundi kayo muna ang unang maghagis ng anumang mayroon kayo*," na kung kaya, inihagis nila ang kanilang mga lubid at mga tungkod, at dahil sa tindi ng kanilang salamangka, ang nakikita ni Mousã ay mga ahas na gumagalaw, na kung kaya, nagkaroon ng takot si Mousã sa kanyang sarili.

68. Dahil doon ay sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Mousã: "*Huwag kang matakot sa anumang bagay! Dahil katiyakang ikaw ay mangingibabaw laban sa kanila na mga salamangkero*, *at gayundin kay Fir`âwn at sa kanyang mga sundalo*, *at matatalo mo sila.*

69. "*Ihagis mo ang iyong tungkod*, *O Mousã*, *na tangan-tangan ng iyong kanang kamay upang lamunin ang kanilang mga lubid at tungkod o* '*stick*,' *dahil sa kung anuman ang kanilang ginawa sa harap mo*, *O Mousã*, *ay mga panlilinlang lamang at panliligaw ng salamangka*, *at kailanman ay hindi magtatagumpay ang mga salamangkero kahit na gaano kadalubhasa ang antas na kanilang abutin*."

70. Na kung kaya, inihagis ni Mousã ang kanyang tungkod: At nilamon ang kanilang mga gawa-gawa lamang na pandaraya, at lumitaw ang katotohanan at nangibabaw ang matinding katibayan laban sa kanila. Na kung kaya, napahandusay sila at nagpatirapa sa lupa at kanilang sinabi: "*Naniniwala na kami sa* '*Rabb*' *na sinasamba ni Hâroun at Mousã*, *dahil sa kung ito ay salamangka ay hindi kami magagapi*."

71. Sinabi ni Fir`awn sa mga salamangkero: "*Naniwala agad kayo kay Mousã at sumunod sa kanya at nagpasiya kayo bago ko kayo pahintulutan na gawin ito? Kung gayon*, *si Mousã pala ay dakilang pinuno ninyo na siyang nagturo sa inyo ng salamangka*; *kaya sumunod kayo sa kanya*, *kung gayon*, *walang pag-aalinlangan*, *puputulin ko ang inyong mga kamay at mga paa sa magkabilang bahagi at ipapako namin kayo sa mga puno ng palmera ng datiles*, *walang pag-aalinlangan*, *malalaman ninyo*, *O kayong mga salamangkero*, *kung sino sa amin*: *Ako o ang* '*Ilâh*' (*o Diyos na*

sinasamba) *ni Mousã ang makapagbibigay nang masidhing kaparusahan*, *at higit na pangmatagalan?*"

72. Sinabi ng mga salamangkero kay Fir`âwn: "*Kailanman ay hindi ka namin pipiliin para sundin at sumunod sa iyong relihiyon kaysa sa dala-dala ni Mousã na mga malinaw na katibayan na nagpapatunay sa kanyang pagiging totoo*, *na siya ay karapat-dapat na sundin bilang pagsunod sa kanyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *at kailanman ay hindi na namin pipiliin ang inaangkin mo na pagiging diyos kaysa sa pagiging Diyos ng Allâh* (ﷻ) *na bukod-tanging sinasamba na Siyang Lumikha sa amin*, *na kung kaya*, *gawin mo na ang gusto mong gawin sa amin*, *dahil sa ang kakayahan mo ay hanggang dito lamang sa daigdig at kung anuman ang gagawin mo sa amin ay isang parusa lamang na may hangganan*.

73. "*Katiyakan*, *naniwala kami sa aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at sa Kanyang Sugo upang mapatawad Niya ang aming mga pagkakasala at ang anumang ipinilit mo sa amin na pag-aaral ng salamangka at pagsasagawa nito*. *At ang Allâh* (ﷻ) *ay higit na nakabubuti kaysa sa iyo*, *O Fir`âwn*, *sa Kanyang gantimpala sa sinumang susunod sa Kanya at ito ay walang hanggan*, *at manatili naman sa Kanyang parusa ang sinumang lumabag at hindi sumunod sa Kanyang kagustuhan*."

74. Katiyakan, sinumang makakatagpo niya ang kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Kabilang-Buhay na siya ay walang pananampalataya sa Kanya, samakatuwid, walang pag-aalinlangan na ang para sa kanya ay Impiyernong-Apoy na siya ay paparusahan doon, na hindi na siya mamamatay pa roon upang makalasap ng anumang ginhawa at hindi rin siya mabubuhay ng tunay na pagkabuhay dahil sa sidhi ng hirap na kanyang nararanasan.

75-76. At sinuman na makakatagpo niya sa Kabilang-Buhay ang kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang isang mananampalataya at gumawa ng mga mababuting gawa, ang para sa kanya ay matataas na antas sa mga Hardin na roon ay mayroong mga ilog na umaagos sa ilalim ng mga puno nito, na siya ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, at ang walang-hanggang kaligayahang ito ay gantimpala mula sa Allâh (ﷻ) para sa sinumang nilinis niya ang kanyang sarili mula sa dungis, dumi at pagtatambal, at sinamba niya ang Allâh (ﷻ) nang bukod-tangi, siya ay sumunod sa Kanya at iniwasan ang Kanyang mga ipinagbabawal, na kung saan nakatagpo niya roon ang kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha na hindi siya nagtambal ng anuman mula sa Kanyang nilikha, sa pagsamba niya sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ).



77. At katiyakan, Aming ipinahayag kay Mousã: "*Maglakbay kayo sa gabi kasama ang Aking mga alipin na mga angkan ni Isrâ`îl mula sa Ehipto*, *at hampasin ang tuyong daan para sa kanila sa karagatan*, *na hindi kayo natatakot na maabutan ni makubkob ni Fir`âwn at ng kanyang mga sundalo*, *at huwag kayong matakot na malunod sa karagatan.*"

78. Naglakbay si Mousã (ﷺ) sa gabi kasama ang mga angkan ni Isrâ`îl at sila ay tumawid sa karagatan, at sinundan sila ni Fir`âwn kasama ang kanyang mga sundalo, at tumabon sa kanila ang tubig-dagat na walang sinuman ang tunay na nakaaalam ng pangyayaring ito kundi tanging ang Allâh (ﷻ) lamang, at nalunod silang lahat, at nakaligtas naman si Mousã at ang kanyang mga tagasunod.

79. At iniligaw ni Fir`âwn ang kanyang sambayanan sa pamamagitan ng pagpapaganda sa kanila ng kamalian at pagtanggi sa katotohanan, at sila ay hindi niya dinala sa Daan ng Patnubay.

80. O mga angkan ni Isrâ`îl! Alalahanin ninyo noong iniligtas namin kayo sa inyong kalaban na si Fir`âwn, at itinakda Namin sa inyo ang pagpapahayag ng '*Tawrah*' sa tabi ng gawing kanan ng bundok ng Tûr, at ibinaba Namin sa inyo noong kayo ay gumagala-gala na ligaw, ang inyong makakain na isang bagay na katulad ng pulot-pukyutan at ibon na katulad ng pugo.

81. Kumain kayo mula sa Aming ipinagkaloob na malinis na kabuhayan at huwag kayong magmalabis at huwag kayong magsagawa ng pang-aapi sa isa't isa, dahil bababa, kung gayon, mula sa Akin ang poot, at sinuman ang binabaan ng Aking poot ay mapapahamak at malulupig.

82. At katiyakan, Ako ang Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagbalik-loob at pinagsisihan ang kanyang kasalanan at pagtanggi sa paniniwala, at siya ay naniwala sa Akin at gumawa ng mga mababuting gawa, pagkatapos siya ay nagtungo sa katotohanan at doon siya nagpakatatag.

83. Ano ang sanhi ng iyong pagmamadali, O Mousã, mula sa iyong sambayanan, na inunahan mo sila sa pagtungo sa kanang bahagi ng bundok ng Tûr at iniwan mo sila?

84. Kanyang sinabi: "*Katiyakan*, *sila ay iniwan ko subali't walang pag-aalinlangang susunod sila sa akin*, *at inunahan ko sila sa Iyo*, *O aking* '*Rabb*,' *upang maragdagan ang Iyong pagmamahal sa akin.*"

85. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Mousã: "*Katiyakan*, *sinubok Namin ang iyong sambayanan pagkatapos mo silang iwan sa pamamagitan ng pagsamba ng inanyuang baka*, *at katiyakang iniligaw sila ni Sâmiri*."

86. Pagkatapos di-naglaon ay bumalik si Mousã sa kanyang sambayanan na may galit sa kanila at nalulungkot, at kanyang sinabi sa kanila: "*O aking sambayanan*, *di ba pinangakuan kayo ng inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na ipapahayag Niya ang* '*Tawrah?*' *Naging matagal ba sa inyo ang paghihintay at pagdating ng pangako? O di kaya ay ninais lamang ninyo na gumawa ng gawain na naging dahilan upang bumaba ang galit mula sa inyong* '*Rabb*,' *at sinira ninyo ang inyong pangako sa akin dahil sumamba kayo ng inanyuang baka at hindi kayo sumunod sa aking mga kautusan?*"

87. Kanilang sinabi: "*O Mousã*, *hindi namin sinira ang aming pangako sa iyo batay sa aming sariling kagustuhan*, *subali't naatasan kami ng mga makasalanang tao na pasanin ang mga inipon nilang palamuti* (*ginto*) *mula sa sambayanan ni Fir`âwn*, *at pagkatapos ay inilubog namin ito sa hukay na may apoy sa pag-uutos ni Sâmiri*, *at doon ay inilagay ni Sâmiri ang dala-dala niya na lupa mula sa lupang inapakan ng kabayo na sinakyan ni* (*Anghel*) *Jibril*."



88. At gumawa si Sâmiri mula sa gintong ito ng inanyuang baka na tumutunog na tulad ng sigaw ng baka, na ito ay kanya namang ibinigay sa mga angkan ni Isrâ`îl, at sinabi noong mga nahikayat niya sa kanyang panlilinlang mula sa angkan ni Isrâ`îl, sa iba: "*Ito ang diyos ninyo at diyos ni Mousã*, *subali't ito ay nakalimutan niyang dalhin.*"

89. Hindi ba nila nakikita (na mga sumamba sa inanyuang bakang ito,) na ito ay hindi man lang nakikipag-usap sa kanila, at hindi tumutugon sa kanilang katanungan at wala ring kakayahan na ilayo sila mula sa anumang kapahamakan, o di kaya ay magdadala sa kanila ng anumang kapakinabangan.

90. At katiyakan, noon pa man ay sinabi na ni Hâroun sa mga angkan ni Isrâ`îl bago pa nakabalik sa kanila si Mousã: "*O aking sambayanan! Sinubok lamang kayo sa pamamagitan ng inanyuang bakang ito*; *upang palitawin sa pamamagitan nito kung sino ang mananampalataya mula sa inyo at kung sino ang walang pananampalataya*, *at katiyakan*, *ang inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay ang Allâh* (ﷻ) *na Pinakamahabagin na wala nang iba pa bukod sa Kanya*, *na kung kaya, sundin ninyo ako tungo sa aking paanyaya sa inyo na pagsamba sa Allâh* (ﷻ), *at sundin ninyo ang aking ipinag-uutos na pagsunod sa Kanyang batas.*"

91. Sinabi ng mga sumamba sa inanyuang baka mula sa kanila: "*Mananatili kami sa ganitong kalagayan na pagsamba sa inanyuang baka hanggang sa makabalik sa amin si Mousã.*"

92-93. Sinabi ni Mousã sa kanyang kapatid na si Hâroun: "*Ano ba ang pumigil sa iyo nang makita mo sila na naligaw mula sa kanilang tamang* '*Deen*,' *na hindi mo sinunod ang aking ipinag-utos*, *kaya mo ako sinundan at iniwan sila? Nilabag mo ba ang aking kagustuhan noong ako ay nag-utos sa iyo na pangasiwaan sila bilang aking kahalili at ituwid ang kanilang pagkakamali habang ako ay wala?*"

94. Pagkatapos ay hinawakan ni Mousã ang balbas ni Hâroun at ang kanyang ulo at ito ay kanyang hinila, at sinabi sa kanya ni Hâroun: "*O anak ng aking ina! Huwag mong hawakan ang aking balbas ni ang aking ulo! Katiyakan*, *ako ay natatakot dahil*

sa iniwan ko sila at sinundan kita na sasabihin mo: '*Na pinaghiwa-hiwalay mo ang mga angkan ni Isrâ`îl*, *at hindi mo pinangalagaan ang aking bilin na pagbutihan ang pangangalaga sa kanila.*'"

95. Sinabi ni Mousã kay Sâmiri: "*Ano ba ang ginawa mo*, *O Sâmiri? Ano ba ang nagtulak sa iyo upang gawin ang bagay na iyan?*"

96. Sinabi ni Sâmiri: "*Nakita ko ang hindi nila nakikita*, *na ito ay si Jibril na nakasakay sa kabayo habang sila ay papalabas sa karagatan*, *at si Fir`âwn naman at ang kanyang mga sundalo ay nalulunod*, *at dinakot ko sa pamamagitan ng aking palad ang lupa na pinagtapakan ng kabayo ni Jibril*, *at ito ay aking inilagay sa mga alahas* (*na ginto*) *na ginawa kong inanyuang baka*, *na kung kaya*, *ito ay naging anyong baka na nagpapalabas ng tinig na katulad ng baka bilang pagsubok at panlilinlang*, *at ito ang iminungkahi ng aking sariling kalooban na nag-utos na gumawa ng kasamaan.*"

97. Sinabi ni Mousã kay Sâmiri: "*Samakatuwid*, *umalis ka na! At katiyakan*, *ikaw ay ipagtatabuyan sa nalalabi mo pang buhay*, *na sasabihin sa iyo ng bawa't isa*: '*Huwag mo akong salangin* (*hipuin*);' *at katiyakan*, *mayroong ipinangakong araw na parusa para sa iyo*, *na kailanman ay hindi sinisira ng Allâh* (ﷻ) *ang Kanyang pangako*, *at walang pag-aalinlangan na ito ay matatagpuan mo. At pagmasdan mo ang iyong sinamba na itinuon mo rito ang iyong taimtim na pagsamba*, *dahil amin itong susunugin sa apoy at ito ay malulusaw at pagkatapos ay ikakalat namin ang mga labi nito sa karagatan*."

98. Katiyakan, ang inyong '*Ilâh*' (Diyos na sinasamba), O kayong mga tao, ay walang iba kundi ang Allâh (ﷻ), '*La ilâha illa Huwa*' – walang sinuman ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin bukod sa Kanya, na saklaw ng Kanyang Ganap na Kaalaman ang lahat ng bagay.



كَذَٰلِكَ نَقُصُّ عَلَيْكَ مِنْ أَنۢبَآءِ مَا قَدْ سَبَقَ ۚ وَقَدْ ءَاتَيْنَٰكَ مِن لَّدُنَّا
ذِكْرًا ﴿٩٩﴾ مَّنْ أَعْرَضَ عَنْهُ فَإِنَّهُۥ يَحْمِلُ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ وِزْرًا
﴿١٠٠﴾ خَٰلِدِينَ فِيهِ ۖ وَسَآءَ لَهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ حِمْلًا ﴿١٠١﴾ يَوْمَ يُنفَخُ
فِى ٱلصُّورِ ۚ وَنَحْشُرُ ٱلْمُجْرِمِينَ يَوْمَئِذٍ زُرْقًا ﴿١٠٢﴾ يَتَخَٰفَتُونَ
بَيْنَهُمْ إِن لَّبِثْتُمْ إِلَّا عَشْرًا ﴿١٠٣﴾ نَّحْنُ أَعْلَمُ بِمَا يَقُولُونَ إِذْ يَقُولُ
أَمْثَلُهُمْ طَرِيقَةً إِن لَّبِثْتُمْ إِلَّا يَوْمًا ﴿١٠٤﴾ وَيَسْـَٔلُونَكَ عَنِ ٱلْجِبَالِ
فَقُلْ يَنسِفُهَا رَبِّى نَسْفًا ﴿١٠٥﴾ فَيَذَرُهَا قَاعًا صَفْصَفًا ﴿١٠٦﴾
لَّا تَرَىٰ فِيهَا عِوَجًا وَلَآ أَمْتًا ﴿١٠٧﴾ يَوْمَئِذٍ يَتَّبِعُونَ ٱلدَّاعِىَ
لَا عِوَجَ لَهُۥ ۖ وَخَشَعَتِ ٱلْأَصْوَاتُ لِلرَّحْمَٰنِ فَلَا تَسْمَعُ إِلَّا هَمْسًا
﴿١٠٨﴾ يَوْمَئِذٍ لَّا تَنفَعُ ٱلشَّفَٰعَةُ إِلَّا مَنْ أَذِنَ لَهُ ٱلرَّحْمَٰنُ وَرَضِىَ لَهُۥ
قَوْلًا ﴿١٠٩﴾ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ بِهِۦ
عِلْمًا ﴿١١٠﴾ ۞ وَعَنَتِ ٱلْوُجُوهُ لِلْحَىِّ ٱلْقَيُّومِ ۖ وَقَدْ خَابَ مَنْ
حَمَلَ ظُلْمًا ﴿١١١﴾ وَمَن يَعْمَلْ مِنَ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَلَا
يَخَافُ ظُلْمًا وَلَا هَضْمًا ﴿١١٢﴾ وَكَذَٰلِكَ أَنزَلْنَٰهُ قُرْءَانًا عَرَبِيًّا
وَصَرَّفْنَا فِيهِ مِنَ ٱلْوَعِيدِ لَعَلَّهُمْ يَتَّقُونَ أَوْ يُحْدِثُ لَهُمْ ذِكْرًا ﴿١١٣﴾

99. Kung paano Namin isinalaysay sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento hinggil kay Mousã at saka kay Fir`âwn, at sa kanilang sambayanan ay ganoon din Namin isinasalaysay sa iyo ang mga kuwento ng mga naunang tao.

At katiyakan, ipinagkaloob Namin sa iyo, ang Dakilang Qur'ân mula sa Amin bilang paalaala sa sinumang tatanggap ng paalaala.

100. Sinuman ang tatanggi sa Qur'ân na ito, na hindi niya paniniwalaan at hindi niya susundin ang ipinag-uutos na batas, walang pag-aalinlangan, siya ay darating sa Araw ng Muling Pagkabuhay na pasan niya ang napakabigat na kasalanan.

101. Sila ay mananatili sa kaparusahan, at napakasama ang ipinapasan sa kanila na mga kasalanan na ito ang naging sanhi ng pagkabulid nila sa Impiyernong-Apoy.

102. Sa Araw ng (pangalawang) pag-ihip ng anghel sa Trumpeta na isang nakabibinging ingay, na yaon ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay, at kakaladkarin Namin ang mga walang pananampalataya sa Araw na yaon na magiging asul ang kanilang mga mata (dahil sa tindi ng pagkakasunog sa kanila), na maiiba ang kanilang kulay at ang kanilang paningin; dahil sa tindi o kagimbal-gimbal na pangyayari.

103. Magsasalita sila nang mahinahon sa isa't isat na sasabihing: "*Kayo ay nanatili sa daigdig nang hindi hihigit sa sampung araw*."

104. Kami ang Ganap na Nakaaalam kung ano ang kanilang mga sasabihin at gagawing pagbubulungan sa isa't isa, kapag ang pinakamagaling mula sa kanila sa kaalaman at karunungan ay sasabihin: "*Kayo ay nanatili sa daigdig nang hindi hihigit sa isang araw*;" dahil sa tindi ng pangyayari ay umiksi ang kanilang pananaw sa buhay sa daigdig.

105. Tinatanong ka, O Muhammad (ﷺ), ng iyong sambayanan hinggil sa kung ano ang mangyayari sa mga kabundukan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sabihin mo sa kanila: "*Aalisin ito ng Aking 'Rabb' na Tagapaglikha mula sa kinaroroonan nito at gagawin Niya itong parang mga nagkalat na mga alikabok na bagay*."

106-107. Pagkatapos ay ipapantay Niya ang mga ito sa kalupaan na wala kayong makikitang anumang baku-bako mula rito at saka mga pananim, na sinuman ang makakakita nito ay matutunghayan niya na ito ay lapat na lapat na walang matataas at walang mabababa.

108. Na sa Araw na yaon ay ganap na magiging sunud-sunuran ang mga tao sa tinig ng tagapagpanawagan ng Allâh (ﷻ), na sila ay dadalhin tungo sa kapatagan, na kung saan doon sila ay titipuning lahat, na walang sinuman ang makasusuway sa panawagang ito; dahil ito sa katotohanan ay para sa lahat ng mga nilikha, at titigil ang lahat ng tinig bilang pagpapakumbaba sa Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin, na wala kang maririnig na anumang ingay maliban sa mahinang ingay ng kanilang mga yabag.

109. Na sa Araw na yaon ay wala nang pakinabang ang pamamagitan ng sinumang nilikha, maliban sa sinumang pahintulutan ng Allâh (ﷻ) na mamamagitan at yaong pagtatanggol ay katanggap-tanggap sa Allâh (ﷻ) at ito ay hindi maaaring mangyari kundi sa mga mananampalataya lamang na dalisay ang kanilang kalooban.

110. Batid ng Allâh (ﷻ) kung anuman ang pangyayari sa hinaharap ng mga tao na tulad ng Muling Pagkabuhay at ang anumang nakalipas nang pangyayari hinggil sa makamundong buhay. At walang anuman ang maaaring mangyari sa kanila kundi ito ay saklaw ng Kanyang Ganap na Kaalaman, samantalang ito ay hindi kayang abutin ng kanilang kaalaman.

111. At ang lahat ng kanilang mga mukha ay magpapakumbaba sa harapan ng Allâh (ﷻ) na Tagapaglikha, '***Al-Hayyul-Qayyum***' – ang Magpakailanmang-Buhay na walang kamatayan, na Tagapangasiwa sa lahat ng bagay na Kanyang mga nilikha. At katiyakan, ang talunan sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay ang sinumang sumamba ng iba na kanilang itinambal ang mga ito sa pagsamba sa Allâh mula sa Kanyang nilikha.

112. At sinuman ang gumawa ng mga mababuting gawain samantalang siya ay isang mananampalataya sa Allâh (ﷻ), samakatuwid ay wala siyang dapat pangambahan na siya ay aapihin sa pamamagitan ng pagdaragdag ng kamalian o kasalanan sa kanya, o di kaya ay mababawasan ang kanyang mga mababuting gawa.

113. At kung paano Namin hinihikayat ang mga mananampalataya sa pagsagawa ng mga mababuting gawa at binabalaan ang mga walang pananampalataya na nananatili sa kanilang paglabag at pagtanggi sa Aming mga talata ay ganoon din Namin ibinaba ang Kabanal-banalan na Qur'ân sa wikang '*Arabic*;' upang ito ay kanilang maintindihan at isinalaysay Namin sa loob nito ang mga iba't ibang uri ng babala; upang sila ay magkaroon ng takot sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, o di kaya ay magkakaroon sila ng tagapagpaalaala sa pamamagitan ng Qur'ân na ito upang maging aral sa kanila o upang magkaroon sila ng karangalan dahil sa paniniwala rito at pagkilos batay sa mga katuruan.



114. Luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Kataas-Taasan na Siya ay dalisay na malayo sa anumang pagkukulang at pangangailangan, ang Tunay na Hari na nakukuntrol ng Kanyang kaharian ang sinumang hari at sinumang makapangyarihan, at Siya ang Tagapagpangasiwa at Tagapagkontrol ng lahat ng bagay, Siya ang Katotohanan at ang pangako Niya ay katotohanan at ang babala Niya ay katotohanan at ang lahat ng bagay na nagmumula sa Kanya ay katotohanan, na kung kaya, huwag kang magmadali, O Muhammad (ﷺ), sa pakikipagunahan kay Jibril (عليه السلام) habang tinatanggap mo ang Qur'ân bilang Rebelasyon bago niya ito matapos bigkasin sa iyo, at sabihin mo: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Dagdagan Mo pa ako sa kaalaman bukod sa anumang itinuro Mo sa akin.*"

115. At katiyakan, Aming pinagpayuhan si Âdam (عليه السلام) noon hinggil sa pagkain ng bunga ng puno na huwag siyang kumain ng anuman mula roon, at Aming sinabi sa kanya na: Katiyakan, si Iblees ay iyong kalaban at ng iyong asawa, na kung kaya, huwag ninyong hayaan na mapalabas niya kayo mula sa Hardin, dahil kapag yaon ay nangyari ay maghihirap kayo, ikaw at ang iyong asawa sa daigdig, subali't inudyukan sila ni '*Shaytân*' at siya ay kanilang sinunod at nakalimutan ni Âdam ang payo sa kanya, at hindi Namin nakita sa kanya ang matibay na pagkakahilig na gawin ito.

116. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong sinabi Namin sa mga anghel: "*Magpatirapa kayo kay Âdam bilang pagbati at paggalang*." Sila ay sumunod at nagpatirapa silang lahat maliban kay Iblees na siya ay tumanggi.

117. At Aming sinabi: "*O Âdam! Katiyakan*, *si Iblees ay iyong kalaban at ng iyong asawa*, *na kung kaya*, *mag-ingat kayo sa kanya*, *at huwag kayong sumunod sa kanya bilang paglabag sa Akin dahil palalabasin kayo mula Hardin*, *na sa ganitong kadahilanan ay magdadalamhati kayo kapag kayo ay pinalabas mula rito*."

118. "*Katiyakan*, *para sa iyo*, *O Âdam*, *dito sa Hardin ay may mga pagkain na kailanman ay di kayo makararanas ng kagutuman at mga kasuotan na di kayo magiging hubad.*

119. "*At hindi rin kayo makararanas ng pagkauhaw dito sa Hardin at hindi rin kayo matatamaan ng init ng araw*."

120. Na kung kaya, si Âdam ay nalinlang ni '*Shaytân*' at sinabi: "*O Âdam! Nais mo bang ituro ko sa iyo ang puno na kapag nakakain ka mula rito ay mananatili kang buhay magpasawalang-hanggan at hindi ka na magkakaroon pa ng kamatayan*, *at magtataglay ka ng kaharian na wala nang katapusan?*"

121. At dahil doon ay nakakain si Âdam at si Hawwa` mula sa puno na ipinagbawal sa kanila na kumain, na kung kaya, lumantad sa kanilang paningin ang kanilang mga pribadong bahagi na rati ay hindi nila ito nakikita (na ito ay nananatiling nakatakip para sa kanila), at nagsimula nilang takpan ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagkuha ng mga dahon sa Hardin upang takpan kung anuman ang nakalantad. Samakatuwid, sa ganito nilabag ni Âdam ang kagustuhan ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na kung kaya, siya ay nalinlang na kumain mula sa puno na ipinagbawal ng Allâh (ﷻ) sa kanila na lapitan.

122. Pagkatapos ay pinili ng Allâh (ﷻ) si Âdam, at bumaling sa Kanya na may kapatawaran, na tinanggap ng Allâh (ﷻ) ang kanyang pagsisisi, at pinagkalooban siya ng patnubay.

123. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Âdam at kay Hawwa`: "*Bumaba kayong dalawa mula sa Hardin patungo sa kalupaan*, *kayong lahat kasama si Iblees*, *dahil kayong dalawa at siya ay magkalaban sa isa't isa*, *at pagkatapos kapag may dumating sa inyo na gabay mula sa Akin at kapahayagan*, *na samakatuwid*, *ang sinumang susunod sa Aking Gabay sa pamamagitan ng Aking pagpapahayag at ito ay kanyang isinagawa*, *katiyakan*, *siya ay gagabayan dito sa daigdig at papatnubayan*, *at hindi na siya magdadalamhati sa Kabilang-Buhay hinggil sa anumang kaparusahan ng Allâh* (ﷻ).

124. "*At sinuman ang tumalikod at nakalimot sa Pag-alaala sa Akin sa pamamagitan ng di-paniniwala sa Qur'ân at di-pagsasapamuhay nito*, *walang pag-aalinlangan*, *siya ay magkakaroon ng masalimuot na pamumuhay dito sa daigdig*, *kahit na siya ay kabilang sa mga nakakaangat at katangi-tangi*, *at siya ay bubuhayin na mag-uli na isang bulag na isasama sa mga bulag na titipunin sa Araw ng Muling Pagkabuhay*, *na hindi niya makikita ang anumang bagay at wala na siyang maikakatwiran na anuman*."

125. At sasabihin niya na hindi nakaalaala sa Allâh (ﷻ): "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Bakit Mo ako binuhay na mag-uli na isang bulag*, *samantalang ako ay nakakakita noong ako ay nasa daigdig pa*."


قَالَ كَذَٰلِكَ أَتَتْكَ ءَايَٰتُنَا فَنَسِيتَهَا ۖ وَكَذَٰلِكَ ٱلْيَوْمَ تُنسَىٰ ﴿١٢٦﴾ وَكَذَٰلِكَ
نَجْزِى مَنْ أَسْرَفَ وَلَمْ يُؤْمِنۢ بِـَٔايَٰتِ رَبِّهِۦ ۚ وَلَعَذَابُ ٱلْءَاخِرَةِ أَشَدُّ
وَأَبْقَىٰٓ ﴿١٢٧﴾ أَفَلَمْ يَهْدِ لَهُمْ كَمْ أَهْلَكْنَا قَبْلَهُم مِّنَ ٱلْقُرُونِ يَمْشُونَ
فِى مَسَٰكِنِهِمْ ۗ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّأُو۟لِى ٱلنُّهَىٰ ﴿١٢٨﴾ وَلَوْلَا كَلِمَةٌ
سَبَقَتْ مِن رَّبِّكَ لَكَانَ لِزَامًا وَأَجَلٌ مُّسَمًّى ﴿١٢٩﴾ فَٱصْبِرْ عَلَىٰ
مَا يَقُولُونَ وَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ قَبْلَ طُلُوعِ ٱلشَّمْسِ وَقَبْلَ غُرُوبِهَا ۖ
وَمِنْ ءَانَآئِ ٱلَّيْلِ فَسَبِّحْ وَأَطْرَافَ ٱلنَّهَارِ لَعَلَّكَ تَرْضَىٰ ﴿١٣٠﴾ وَلَا
تَمُدَّنَّ عَيْنَيْكَ إِلَىٰ مَا مَتَّعْنَا بِهِۦٓ أَزْوَٰجًا مِّنْهُمْ زَهْرَةَ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا
لِنَفْتِنَهُمْ فِيهِ ۚ وَرِزْقُ رَبِّكَ خَيْرٌ وَأَبْقَىٰ ﴿١٣١﴾ وَأْمُرْ أَهْلَكَ بِٱلصَّلَوٰةِ
وَٱصْطَبِرْ عَلَيْهَا ۖ لَا نَسْـَٔلُكَ رِزْقًا ۖ نَّحْنُ نَرْزُقُكَ ۗ وَٱلْعَٰقِبَةُ لِلتَّقْوَىٰ
﴿١٣٢﴾ وَقَالُوا۟ لَوْلَا يَأْتِينَا بِـَٔايَةٍ مِّن رَّبِّهِۦٓ ۚ أَوَلَمْ تَأْتِهِم بَيِّنَةُ مَا فِى
ٱلصُّحُفِ ٱلْأُولَىٰ ﴿١٣٣﴾ وَلَوْ أَنَّآ أَهْلَكْنَٰهُم بِعَذَابٍ مِّن قَبْلِهِۦ
لَقَالُوا۟ رَبَّنَا لَوْلَآ أَرْسَلْتَ إِلَيْنَا رَسُولًا فَنَتَّبِعَ ءَايَٰتِكَ مِن
قَبْلِ أَن نَّذِلَّ وَنَخْزَىٰ ﴿١٣٤﴾ قُلْ كُلٌّ مُّتَرَبِّصٌ فَتَرَبَّصُوا۟ ۖ
فَسَتَعْلَمُونَ مَنْ أَصْحَٰبُ ٱلصِّرَٰطِ ٱلسَّوِىِّ وَمَنِ ٱهْتَدَىٰ ﴿١٣٥﴾

126. Sasabihin ng Allâh (ﷻ) sa kanya: "*Binuhay Kitang mag-uli na isang bulag*; *dahil dumating sa iyo ang Aming mga talata at mga paglilinaw subali't ito ay iyong tinanggihan at hindi mo pinaniwalaan*, *at kung paano mo ito tinanggihan at pinabayaan noong ikaw ay nasa daigdig ay ganoon ka rin Namin pababayaan sa Impiyernong-Apoy.*"

127. Na kung kaya, ganoon Namin pinaparusahan ang sinumang nagmalabis at lumampas sa hangganan sa paglabag sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at hindi niya pinaniwalaan ang Kanyang mga talata, na kung kaya, siya ay paparusahan dito sa daigdig, subali't ang parusa na inihanda sa kanila sa Kabilang-Buhay ay masidhi at ito ay magpapatuloy magpasawalang-hanggan.

128. Hindi ba naging malinaw para sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), na mabatid kung gaano karami ang pinuksa Naming mga tao na hindi naniwala na mga nauna sa kanila, na ang kanilang mga tinirhan ay kanilang nilalakaran (sa ngayon) at nakikita nila ang mga bakas ng pagkapuksa sa mga ito? At walang pag-aalinlangan, ang dami ng mga naunang tao na pinuksa at ang mga bakas na naiwan bilang katibayan ng parusang isinagawa sa kanila ay katiyakang nakapagbibigay ng aral at paalaala sa sinumang nagtatangan ng matinong kaisipan.

129. Kung hindi lamang nauna na ang pagpasiya mula sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, at nakatakdang panahon kung kailan sila wawasakin ay minadali na ng Allâh (ﷻ) ang pagpuksa sa kanila dahil sa sila ay talagang karapat-dapat namang parusahan.

130. Na kung kaya, pagtiisan mo, O Muhammad (ﷺ), ang anumang sinasabi ng mga walang pananampalataya sa iyo na mga kasinungalingan, at luwalhatiin mo ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa pamamagitan ng iyong mga pagpuri, sa iyong pagsa-'*Salâh*' sa umaga bago sumikat ang araw ('*Fajr*'), at sa pagsa-'*Salâh*' ng '*`Asr*' bago lumubog ang araw, at sa pagsa-'*Salâh*' ng '*`Ishâ*' sa mga oras ng gabi, at gayundin sa pagsa-'*Salâh*' ng '*Dhuhr*' at '*Maghreb*' sa mga dulo ng araw; upang ikaw ay maging kalugud-lugod sa gantimpala sa paggawa ng mga mabubuting gawain na ito.

131. At huwag asamin ng iyong paningin ang anumang kasiyahan na Aming ipinagkaloob sa mga walang pananampalataya at sa iba pa sa kanila, na iba't ibang uri ng kasiyahan, dahil ito ay palamuti lamang ng makamundong buhay na may hangganan, pinasaya Namin sila sa pamamagitan nito; upang sila ay subukin, subali't ang kabuhayan mula sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at ang Kanyang gantimpala ang higit na nakabubuti sa iyo at nananatili kaysa sa anumang kasiyahan na ipinagkaloob Namin sa kanila dahil sa ito ay walang katapusan at hindi nauubos.

132. At ipag-utos mo sa iyong pamilya, O Muhammad (ﷺ), ang pagsa-'*Salâh*' at maging matiisin ka sa pagsagawa nito, dahil hindi Kami humihingi ng anumang kabuhayan: Kami ang nagbibigay at nagkakaloob ng kabuhayan sa iyo. At ang mabuting patutunguhan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay ay para lamang sa matatakutin sa Allâh (ﷻ).

133. At sinabi ng mga walang pananampalataya sa iyo: "*Bakit hindi ka magpakita o magdala ng palatandaan mula sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na nagpapatunay ng iyong pagiging totoo?*" Hindi ba dumating sa kanila ang Dakilang Qur'ân na pinatunayan ang anumang nakasaad sa mga naunang Kasulatan na katotohanan?

134. At kung winasak Namin ang mga walang pananampalataya bilang parusa bago dumating sa kanila ang Sugo at gayundin ang pagbaba ng Kasulatan ay kanilang sasabihin: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Kung nagpadala ka lamang sa amin ng Sugo mula sa Iyo*, *katiyakan na paniniwalaan at susundin namin ang Iyong mga talata at batas*, *bago kami hinamak at ipinahiya sa pamamagitan ng Iyong pagpaparusa?*"

135. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga walang pananampalataya sa Allâh (ﷻ): "*Ang bawa't isa sa atin ay nag-aabang sa pag-ikot ng panahon*, *kung sino ang magtatagumpay at mananalo*; *na kung kaya*, *maghintay kayo*, *dahil walang pag-aalinlangang mababatid ninyo kung sino ang nasa Matuwid na Landas at kung sino ang ginabayan sa katotohanan*, *ang sa amin ba o ang sa inyo?*

سورة الأنبياء 21

XXI – Sûrat Al-Anbiyâ`

[**Kabanata Al-Anbiyâ`** – Ang mga Propeta]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. Malapit na ang Araw ng Pagbabayad para sa mga tao, na kung saan sila ay huhukuman doon ayon sa kung ano ang kanilang nagawa, samantalang ang mga walang pananampalataya ay patuloy pa rin sa kanilang pagiging pabaya at pagbabalewala sa katotohanan at tinalikuran nila ang babalang ito.

2. Walang anumang dumating sa kanila na ipinahayag mula sa Dakilang Qur'ân at binibigkas sa kanila kundi ito ay pagpapatuloy lamang ng naunang Rebelasyon bilang babala sa kanila, samantalang pinakikinggan nila ito nang may paglalaro at pangungutya.

3. Hindi pinapansin ng kanilang mga puso ang Kabanal-banalan na Qur'ân dahil sila ay abala sa kanilang mga kamalian at walang kabuluhang bagay dito sa daigdig at sa kanilang mga pagnanasa na hindi nila ito iniintindi (inuunawa), bagkus ang mga masasama mula sa Quraysh ay nagkasundo na sila ay magpulung-pulong nang lihim na ito ay ang pangangalat nila ng kasiraan para pigilin ang mga tao sa paniniwala kay Muhammad (ﷺ) na sinasabi nila na:

"*Siya ay tao lamang na katulad ninyo na hindi siya naiiba sa inyo sa anumang bagay*, *at ang anumang dala-dala niya na Qur'ân ay salamangka*, *kaya paano kayo susunod sa kanya samantalang siya ay nakikita ninyo na tao lamang na katulad din ninyo?*"

4. Ipinaubaya ni Propeta Muhammad (ﷺ) ang bagay na ito sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at kanyang sinabi: "*Ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Nakaaalam kung anuman ang nasa kalangitan at kalupaan at batid Niya kung ano ang inililihim ninyo na pag-uusap dahil Siya ay* '***As-Samee`***' *– ang Ganap na Nakakarinig sa mga sinasabi ninyo*, *na* '***Al-`Aleem***' *– ang Ganap na Nakaaalam sa mga katayuan ninyo*." At ito kung gayon ay babala sa kanila.

5. Subali't tinanggihan ng mga walang pananampalataya ang Dakilang Qur'ân at may nagsasabi na: "*Ito ay nahaluan ng mga panaginip na walang katotohanan*, *at mayroon namang nagsasabi na ito ay inimbento at kasinungalingan at hindi rebelasyon*, *at mayroon namang nagsasabi na si Muhammad* (ﷺ) *ay isang makata at ang dala-dala niya ay tula*, *na kung kaya*, *kung nais niya na paniwalaan natin siya ay magpakita siya ng malinaw na katibayan na katulad ng kamelyo ni Sâleh* (عليه السلام), *mga kapangyarihan ni Mousã* (عليه السلام) *at saka ni `Îsã* (*Hesus* عليه السلام), *at ang anumang dinala ng mga Sugo na mga nauna.*"

6. Walang naniwala sa mga walang pananampalataya na mga nauna pa kaysa mga taga-Makkah, na noon ay hiniling ng mga yaon ang mga himala sa Sugo na ipinadala sa kanila at ito ay nangyari, subali't pagkatapos noon ito ay kanilang pinasinungalingan, na kung kaya, winasak Namin sila; kung gayon, maniniwala ba ang mga walang pananampalataya sa Makkah kapag nangyari ang mga himala na kanilang hiniling? Hindi! Sila ay hindi maniniwala!

7. At hindi Kami nagpadala ng mga Sugo na nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), kundi sila ay mga kalalakihan na kabilang sa lahi ng mga tao, na sa kanila Kami ay nagpahayag at hindi Kami nagpadala ng mga anghel. Kung gayon, tanungin ninyo, O kayong mga walang pananampalataya na mga taga-Makkah, ang mga nagtatangan ng kaalaman hinggil sa mga naunang Kasulatan kung ito ay hindi ninyo batid.

8. At hindi Namin ginawa ang mga yaong naunang Sugo kaysa sa iyo, kundi katulad din sila ng ibang mga tao na may likas na katangian na kumakain, umiinom, natutulog at naglalakad, at hindi rin sila nananatili (sa kalupaan) habang-buhay na hindi namamatay.

9. Pagkatapos ay tinupad Namin sa mga Propeta at sa kanilang mga tagasunod ang anuman na Aming ipinangako sa kanila na pagkapanalo at tagumpay, at winasak Namin ang mga yaong nagmalabis laban sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng hindi nila paniniwala sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

10. Katiyakan, ipinadala Namin sa inyo ang Dakilang Qur'ân na ito, na ang nilalaman nito ay inyong karangalan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, kung ang pagpapaalaala ay inyong tatanggapin, na kung kaya, hindi ba ninyo naiintindihan kung ano ang katangian ninyo na higit kaysa sa iba?



11. At karamihan sa mga bayan na kung saan ang mga nanirahan doon ay nagmalabis dahil sa kanilang di-paniniwala sa anumang dinala sa kanila ng mga Sugo, na kung kaya, pinuksa Namin sila sa pamamagitan ng parusa na siyang lubusang nagwasak sa kanila, at lumikha Kami pagkatapos nito ng ibang sambayanan bukod sa kanila.

12. At noong naramdaman nila na mga masasama ang Aming matinding kaparusahan na paparating na sa kanila, at nakita na nila ang umpisa nito, ay kaagad silang nagmadali na umalis mula sa kanilang bayan na tumatakas.

13. Sa pangyayaring ito sila ay tinawag: "*Huwag kayong tumakas*, *bagkus ay bumalik kayo sa inyong masarap at maligayang pamumuhay na siyang luminlang sa inyo*, *at sa mga itinatag ninyo na mga tahanan*, *upang kayo ay tanungin hinggil sa makamundong buhay*," na ito ay bilang pagmamaliit sa kanila.

14. Na kung kaya, wala silang naging katugunan kundi aminin ang kanilang kasalanan at kanilang sinabi: "*Kapighatian sa amin! Katiyakang inapi namin ang aming mga sarili sa pamamagitan ng di-paniniwala*."

15. At patuloy na ganoon ang kanilang sinasabi – na kasumpa-sumpa at pagsisisi sa kanilang mga sarili dahil sa kanilang kasamaan – na paulit-ulit nila itong sinasabi hanggang sa ginapas Namin sila na parang pananim sa bukirin na wala nang kabuhay-buhay. Na kung kaya, ingatan ninyo na magpatuloy sa pagpapasinungaling kay Propeta Muhammad (ﷺ) dahil mangyayari sa inyo ang katulad ng nangyari sa mga nauna sa inyo.

16. Hindi Namin nilikha ang mga kalangitan at kalupaan at ang anuman na nasa pagitan ng mga ito na parang laro lamang na walang kabuluhan, kundi upang maging katibayan ang mga ito laban sa inyo, O kayong mga tao, at ito ay magiging aral lahat

sa inyo, na mabatid ninyo na ang lumikha ng mga ito ay wala Siyang kahalintulad, at hindi maaaring sambahin ang sinuman bukod sa Kanya.

17. Kung ninais Namin na maglibang lamang na katulad ng pagkakaroon ng anak o asawa ay pumili na lamang Kami na ituturing na gayon mula sa Amin at hindi mula sa inyo, subali't kailanman ay hindi Namin ito maaaring gawin; dahil imposible na magkaroon ng anak at asawa ang Allâh (ﷻ).

18. Hindi paglilibang ang Aming nais, kundi bagkus, ipinadala Namin ang katotohanan at ipinaliwanag Namin ito nang ganap upang mangibabaw sa kamalian, at ang kamalian ay katiyakang maglalaho.

At para sa inyo naman ay parusa sa Kabilang-Buhay, O kayo na sumamba ng iba bukod sa Allâh, dahil sa pagtatangi ninyo sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ng katangian na di angkop at di karapat-dapat para sa Kanya.

19. At Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang anuman na nasa mga kalangitan at kalupaan. At ang mga malalapit na mga anghel sa Kanya ay hindi nagmamataas at hindi nagsasawa sa pagsamba sa Kanya.

Na kung kaya, paano nangyari na nasamba ng iba ang sinuman bukod sa Kanya samantalang ito ay Kanyang alipin at nilikha lamang?

20. Niluluwalhati at pinupuri nila ang Allâh (ﷻ) at patuloy ang kanilang pagdakila sa Kanya, umaga at gabi, na sila ay hindi napapagod at hindi sila nagsasawa.

21. Paanong nangyari sa mga walang pananampalataya ang magkaroon ng maraming diyus-diyusan na walang kakayahan na anuman dito sa daigdig at hindi nito kayang magbuhay ng patay?

22. Kung mayroon lamang sa mga kalangitan at kalupaan na mga diyos na sinasamba bukod sa Allâh, na nangangasiwa sa pangangailangan nitong dalawa (mga kalangitan at kalupaan) ay mawawala sa tamang kaayusan ang mga ito, na kung kaya, luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Nagmamay-ari ng ``*Arsh*' (Trono), na Siya ay malayo sa anumang mga itinatangi ng mga tumanggi at walang pananampalataya na pagsisinungaling at pag-iimbento, at sa lahat ng pagtatangi na may kakulangan.

23. Katiyakan, kabilang sa mga palatandaan ng bukod-tanging Kaisahan ng Allâh (ﷻ) – Luwahalti sa Kanya – sa paglikha at pagsamba ay ang pagiging katiyakan na Siya ay hindi maaaring tanungin sa Kanyang pinagpasiyahan na paglikha, subali't ang lahat ng Kanyang mga nilikha ay tatanungin sa kanilang mga gawain.

24. O nagturing ba ang mga yaong walang pananampalataya ng iba na sinasamba bukod sa Allâh, na nakapagdudulot ng kapakinabangan o kapinsalaan, at nakapagbibigay ng buhay at nakapagsasanhi ng kamatayan?

Sabihin mo, O Muhammad, sa kanila: "*Dalhin ninyo kung anuman ang mayroon kayo na katibayan na nagpapatunay sa inyong mga sinasambang diyus-diyusan*, *dahil wala sa Qur'ân na aking dala at wala rin sa mga naunang Kasulatan ang nagpapatunay sa inyong mga pinaniniwalaan. At hindi sila nakagawa ng pagtatambal sa pagsamba sa Allâh kundi ito ay bunga ng kamangmangan at bulag na pagsunod*, *na kung kaya*, *tinanggihan nila ang katotohanan at hindi pinaniwalaan.*"



25. At wala Kaming ipinadala sa Sugo na nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), kundi nagpahayag Kami sa kanya, na katiyakang walang sinuman ang may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, maging taimtim sa pagsamba nang bukod-tangi lamang na para sa Kanya.

26-27. At sinabi ng mga walang pananampalataya at sumasamba ng iba bukod sa Allâh: "*Nagkaroon ang Pinakamahabaging Allâh* (ﷻ) *ng anak, dahil sa inaangkin nila na ang mga anghel ay mga anak na kababaihan ng Allâh*." Luwalhati sa Allâh (ﷻ), Siya ay malayo sa anumang mga katulad nito; ang mga anghel ay mga kagalang-galang na alipin ng Allâh na malalapit sa Kanya na pinagkalooban ng mga kakaibang katangian, at sila ay napakabuti sa kanilang pagsunod at hindi sila nagsasalita maliban sa kung ano ang ipinag-utos sa kanila ng Allâh, at wala silang ginagawang anuman hanggang hindi sila nakakakuha ng kapahintulutan sa Allâh (ﷻ).

28. At walang anumang ginagawa ang mga anghel, maging ito man ay ginawa nila noon o sa ngayon kundi ito ay batid ng Allâh (ﷻ), na ito ay naitala sa kanila, at walang sinuman sa kanila ang maaaring mamagitan maliban sa sinumang pahintulutan ng Allâh (ﷻ) na mamagitan. At dahil sa takot nila sa Allâh (ﷻ) ay nag-iingat sila at hindi nila tinitiyak na walang mangyayari sa kanila na hindi kanais-nais.

29. At sinuman ang mag-angkin mula sa mga anghel na diyos na sinasamba bilang kapantay ng Allâh (ﷻ) o kabahagi ng Allâh (ﷻ) – kung sakaling ito man ay mangyari – ang kanyang kabayaran ay Impiyerong-Apoy at ganoon din ang gagawin Naming pagbabayad sa lahat ng mga sumamba ng iba bukod sa Allâh.

30. Hindi ba batid ng mga walang pananampalataya na katiyakang ang mga kalangitan at kalupaan ay dating isang bagay lamang na magkasama bilang isang

piraso at walang anuman ang nasa pagitan ng dalawang ito, walang ulan mula sa kalangitan at walang tumutubong pananim mula sa kalupaan, at pagkatapos ay pinaghiwalay Namin dahil sa Aming kapangyarihan, at nagbaba Kami ng ulan mula sa kalangitan, at nagpasibol Kami ng mga pananim mula sa kalupaan at ginawa Namin na nagmumula sa tubig ang lahat ng bagay na may buhay, kung gayon, hindi ba nararapat na maniwala ang mga tumanggi at paniwalaan nila ang anuman na kanilang napagmasdan, at sambahin lamang nila ang Allâh (ﷻ) nang bukod-tangi?

31. At itinalusok Namin sa kalupaan ang mga matatatag na kabundukan upang ito ay hindi yumanig, at naglagay Kami rito ng mga malalawak na daan; upang mabatid ng anumang nilikha kung paano mamumuhay dito, at upang sila ay mapatnubayan sa kanilang bukod-tanging pagsamba lamang sa Allâh (ﷻ) na '*Rabb*' na Tagapaglikha.

32. At ginawa Namin ang kalangitan bilang bubungan o panaklob sa kalupaan na walang haliging inilagay, na ito ay pinangangalagaan upang hindi bumagsak at upang hindi makapasok dito ang mga '*Shaytân*,' magkagayunpaman, ang mga walang pananampalataya ay tinatalikuran at hindi pinapansin ang mga palatandaan sa kalangitan na katulad ng araw, buwan at saka mga bituin, ito ay hindi nila pinapansin at hindi nila pinag-iisipan nang malalim ang pagkakalikha rito.

33. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha ng gabi; upang makapagpahinga ang mga tao, at gayundin ang '*nahâr*' (buong maghapon); upang sila ay makapaghanap-buhay, at nilikha Niya ang araw ('*shams*' o '*sun*') bilang tanda ng liwanag ng araw, at nilikha Niya ang buwan bilang tanda ng gabi, at bawa't isa sa dalawa ay nasa '*Falak*' ('*orbit*' o ligiran) na nakalutang.

34. At hindi Kami nagkaloob sa kaninumang tao na nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ng walang-hanggang pananatili rito sa daigdig; kung gayon, kapag ikaw ay namatay, O Muhammad (ﷺ), nangangarap ba sila na manatili rito magpasawalang-hanggan pagkatapos mo? Hindi maaari! Dito sa talatang ito ang tanda na si Khidr (عليه السلام) ay namatay dahil sa siya ay isang tao.

35. Walang pag-aalinlangan, ang bawa't isa ay matitikman ang kamatayan, na kahit na gaano pa kahaba ang kanyang naging buhay dito sa daigdig. At ang pananatili rito sa daigdig ay pagsubok lamang sa pag-aatas o pagbabawal, at saka sa iba't ibang situwasyon, mabuti man ito o masama, pagkatapos noon ang patutunguhan ay bukod-tanging sa Allâh (ﷻ) lamang para sa paghuhukom at pagbabayad.



36. At kapag nakita ka ng mga walang pananampalataya, O Muhammad (ﷺ), ay duduruin ka nila na may pangungutya at sasabihin nila sa isa't isa: "*Iyan ba ang taong nagmamaliit sa inyong diyus-diyusan?*" Samantalang tinanggihan nila ang pag-aalaala sa Pinakamahabaging Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga Biyaya, at sa Kanyang ipinahayag na Dakilang Qur'ân at Gabay.

37. Nilikha ang tao na may katangiang pagmamadali, na tumutungo sa mga bagay-bagay at minamadali niya ang mga pangyayari. Katiyakan, kung gayon, ipinamamadali ng mga Quraysh ang parusa na sa kanilang pananaw ay napakabagal, na binalaan sila ng Allâh (ﷻ) hinggil dito na walang pag-aalinlangan, ipapakita Niya sa kanila ang anuman na ipinamamadali nilang parusa, na kung kaya, huwag na nilang hilingin sa Allâh (ﷻ) na ipamadali ang pangyayaring ito.

38. At sinabi ng mga walang pananampalataya bilang pagmamadali sa parusa at pangungutya: "*Kailan ba mangyayari ang ibinababala mo sa amin*, *O Muhammad*, *kung ikaw at ang sinuman na sumunod sa iyo ay totoo sa mga sinasabi?*"

39. Kung batid lamang ng mga walang pananampalataya kung ano ang mangyayari sa kanila kapag dumating ang oras na itinakda, na hindi sila magkakaroon ng kakayahan na mapangalagaan ang kanilang mga mukha at mga likuran sa Impiyernong-Apoy, at wala rin silang matatagpuan na makatutulong sa kanila – kung batid lamang nila ito ay hindi sila mananatili sa pagtanggi at hindi nila ipamamadali ang parusa para sa kanila.

40. At walang pag-aalinlangan, darating sa kanila ang Oras ng pagkagunaw ng sandaigdigan nang biglaan na sila ay magigimbal na lamang sa panahong yaon, at magkakaroon sila ng matinding-matinding pagkatakot na kung saan doon ay hindi

nila makakayanang iligtas ang kanilang mga sarili mula sa kaparusahan, at hindi rin sila bibigyan ng kahit na kaunting palugit para makapagsisi at mangatwiran.

41. At katiyakan, kinutya ang marami sa mga Sugo na nauna sa iyo, Muhammad (ﷺ), na kung kaya, naganap ang kaparusahan sa kanila na mga nangutya bilang bunga ng kinagawian nilang pangungutya at pagmamaliit.

42. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), na ipinamamadali ang parusa: "*Walang sinuman ang makapagbabantay at mangangalaga sa inyo sa gabi man o sa araw*, *tulog man kayo o gising*, *mula sa parusa ng Allâh* (ﷻ) *na Pinakamahabagin kapag ito ay nangyari sa inyo.*" Subali't sila ay nalinlang na hindi pinahahalagahan ang Qur'ân at ang pagpapayo ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

43. Mayroon ba silang mga diyus-diyusan na mangangalaga sa kanila mula sa Aming kaparusahan? Walang pag-aalinlangan, ang kanilang mga diyus-diyusan ay walang kakayahan na matulungan mismo ang mga sarili nito, paano pa kaya ang pagtulong sa mga sumamba sa kanila?

44. Katiyakan, nagmalaki ang mga walang pananampalataya at ang kanilang mga ninuno nang sila ay binigyan ng palugit dahil sa ipinagkaloob sa kanila na mga kayamanan, mga anak at mga mahahabang buhay, na kung kaya, pinanatili nila ang kanilang mga sarili sa di-paniniwala at hindi sila nagbago, na inisip nilang hindi sila paparusahan, na nakalimutan nila sa katotohanan ang nangyari noong mga unang panahon, na ang Allâh (ﷻ) ay unti-unti Niyang binabawasan ang kalupaan (ang kanilang mga nasasakupan) mula sa mga tagiliran nito dahil sa nangyaring parusa ng Allâh (ﷻ) sa kanila na mga sumasamba ng iba bukod sa Kanya, sa iba't ibang dako ng daigdig at dahil din sa kanilang pagkagapi.

Kung gayon, may kakayahan ba ang mga taga-Makkah na labanan ang kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) o di kaya ay pigilin ang kanilang kamatayan?



45. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), na kung saan sa kanila ikaw ay ipinadala: "*Binabalaan ko lamang kayo mula sa parusa*, *dahil sa ito ay Rebelasyon mula sa Allâh* (ﷻ), *na ito ay ang Kabanal-banalan na Qur'ân*, *subali't ang mga walang pananampalataya ay hindi nila pinag-iisipan kung ano ang kanilang pinakikinggan kapag sila ay binabalaan. Hindi ba sila rin naman ang makikinabang sa babalang ito? Subali't ang mga bingi ay hindi makakarinig sa panawagan kahit na sila pa ay balaan.*"

46. At kung sila na mga walang pananampalataya ay makatikim ng parusa bilang bunga ng kanilang pagtanggi, katiyakan na sila ay magsusumamo na sana ay mawasak na lamang sila dahil sa kanilang ginawang pang-aapi sa kanilang sarili sa pamamagitan ng pagsamba nila ng iba bukod sa Allâh.

47. At ilalagay ng Allâh (ﷻ) ang makatarungang Timbangan sa paghuhukom sa Araw ng Muling Pagkabuhay at hindi Niya sila dadayain at ang iba pa nang kahit na kaunti, kahit na ang gawain ay kasimbigat ng buto ng mustasa o kasinliit ng '*atom*,' mabuti man o masama ay itatala sa nagmamay-ari nito. At sapat na ang Allâh (ﷻ) bilang Tagapagkalkula sa mga gawain ng Kanyang mga alipin at ayon dito sila ay gagantihan.

48-49. At katiyakan, pinagkalooban Namin si Mousã at si Hâroun ng katibayan at tulong laban sa kanilang kalaban, at ito ay ang Aklat na '*Tawrah*' na sa pamamagitan nito pinaghiwalay Namin ang katotohanan sa kamalian, at ito ay liwanag na ginagabayan ang sinumang matatakutin na kinatatakutan nila ang parusa ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at kinatatakutan din nila ang Araw ng Paghuhukom sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

50. At ito ang Dakilang Qur'ân na ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ) bilang isang mabiyayang Paalaala sa sinumang tumatanggap ng paalaala, at sumusunod sa mga ipinag-uutos at umiiwas sa mga ipinagbabawal; na ito ay punung-puno ng kabutihan, na dakila sa kapakinabangan, na kung kaya, tatanggihan ba ninyo ito samantalang ito ay nasa ganap na kalinawan at katotohanan?

51. At katiyakan, ipinagkaloob Namin noon ang gabay kay Ibrâhim (عليه السلام), na sa pamamagitan nito ay hinikayat niya ang mga tao bago pa kina Mousã (عليه السلام) at Hâroun (عليه السلام), at batid Namin na siya (Ibrâhim) ay karapat-dapat para rito.

52. Noong kanyang sinabi sa kanyang ama at sa kanyang sambayanan: "*Ano itong mga rebulto na inyong mga gawa-gawa lamang*, *pagkatapos ay sinasamba ninyo nang buong kataimtiman?*"

53. Kanilang sinabi: "*Natagpuan namin ang aming mga ninuno na ito ay kanilang sinasamba*, *na kung kaya*, *sinasamba namin ito bilang pagsunod sa kanila*."

54. Sinabi sa kanila ni Ibrâhim: "*Katiyakan*, *kayo at ang inyong mga ninuno sa pagsamba ninyo sa mga rebultong ito ay malinaw na nasa sukdulang kamalian na malayo sa katotohanan.*"

55. Kanilang sinabi: "*Ang dala-dala mo ba sa amin ay totoo*, *o ito ay mga salita mo lamang na sinasabi bilang pangungutya at hindi mo batid ang iyong pinagsasasabi?*"

56. Sinabi sa kanila ni Ibrâhim: "*Hindi ito pangungutyang salita*, *kundi ito ay mula sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na kayo ay aking hinihikayat tungo sa bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya*, *na Siya ang Nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan*, *na Siya ang naglikha ng mga ito*, *at ako ay kabilang sa mga tumitestigo para rito*."

57. "*At sumusumpa ako sa Allâh* (ﷻ), *na ako ay gagawa ng paraan upang wasakin ang inyong mga rebulto pagkatapos ninyong tumalikod at umalis.*"

58. Na kung kaya, winasak ni Ibrâhim ang mga rebulto at ginawa niya itong mga pira-pirasong maliliit maliban sa isa na pinakamalaki sa mga ito; upang ito ang pagbalingan ng mga tao at pagtatanungan, nang sa gayon ay mapatunayan ang kanilang kahinaan at pagkaligaw, at lilitaw ang katibayan laban sa kanila.

59. At bumalik ang mga tao at nakita nila ang kanilang mga rebultong pinagwawasak na hamak na hamak, at nagtanungan sila sa isa't isa; sino kaya ang gumawa nito sa ating mga diyus-diyusan? Katotohanan, siya ay napakasama dahil sa kanyang matinding ginawa sa ating mga diyus-diyusan na karapat-dapat ng paggalang.

60. Sinabi ng isa na nakarinig kay Ibrâhim habang siya ay sumusumpa, na walang pag-aalinlangan na siya ay gagawa ng pakana laban sa kanilang mga rebulto: "*Narinig namin ang isang binatilyo na ang tawag sa kanya ay Ibrâhim na nagbabalak ng masama laban sa mga rebulto*."

61. Sinabi ng kanilang mga pinuno: "*Dalhin ninyo rito si Ibrâhim upang humarap sa mga tao*; *para masaksihan nila ang kanyang pag-aamin sa kanyang sinabi*; *upang maging katibayan laban sa kanya.*"

62. At dinala si Ibrâhim sa kanila, at kanilang tinanong na may pagtataka na hindi sila makapaniwalang ito ay kanyang magagawa: "*Ikaw ba ang siyang nagwasak ng aming mga diyus-diyusan?"*

63. At naganap ang nais mangyari ni Ibrâhim, na palitawin ang kanilang kakulangan sa pang-unawa na sila mismo ang magiging saksi sa kanilang mga sarili. At kanyang sinabi bilang pagdidiin sa kanilang kamalian at kakulangan ng pag-iisip: "*Hindi ako ang nagwasak*, *kundi ang pinakamalaki sa kanila ang gumawa nito*, *na kung kaya*, *tanungin ninyo ang inyong mga inaangkin na mga diyus-diyusan hinggil dito*, *kung sila ay makapagsasalita o di kaya ay may kakayahan na sumagot.*"

64. Na kung kaya, sila ay napahamak sa kanilang mga sarili at lumitaw ang kanilang pagkaligaw; dahil paano nila ito sasambahin gayong ito ay walang kakayahan na ipagtanggol ang kanilang mga sarili o di kaya ay tumugon sa kanilang mga katanungan? At dahil doon ay inamin nila sa kanilang mga sarili ang kamalian at maling gawain ng pagtatambal.

65. Subali't napakabilis ng kanilang panunumbalik sa katigasan ng pagtanggi dahil pagkatapos nilang mapahiya ay kaagad silang nanumbalik sa kanilang kamalian, at pinalilitaw nila na ang katibayan ay laban kay Ibrâhim samantalang ito ay katibayan laban sa kanila, at kanilang sinabi: "*Paano namin tatanungin ang mga ito samantalang alam mo naman na ang mga ito ay hindi nakapagsasalita?*"

66-67. Sinabi ni Ibrâhim bilang pagmamaliit sa mga rebulto: "*Paano ninyo sinasamba ang mga rebulto na hindi nakapagdudulot ng kapakinabangan kapag ito ay sinamba*, *at hindi rin makapagpapahamak kapag ito ay tinanggihan? Napakasama ninyo at ang inyong mga diyus-diyusan na sinasamba bukod sa Allâh*, *na kung kaya*, *hindi ba ninyo naiisip at napag-aalaman na napakasama ng inyong kalagayan?*"

68-69. Noong mawalan ng saysay ang kanilang mga katibayan at lumitaw ang katotohanan ay bumaling sila sa paggamit ng kanilang lakas, at kanilang sinabi: "*Sunugin ninyo sa apoy si Ibrâhim*; *bilang pagtatanggol sa inyong mga diyus-diyusan kung kayo ay tunay na tumutulong sa inyong mga diyus-diyusan. Magsilab kayo ng matinding apoy at doon ninyo siya itapon*." Subali't sinanhi ng Allâh (ﷻ) na magwagi ang Kanyang Sugo at Kanyang sinabi sa apoy: "*O apoy! Maging malamig ka at kaligtasan para kay Ibrâhim*," na kung kaya, hindi napahamak si Ibrâhim at walang anumang masamang nangyari sa kanya.

70. At nagpakana ang mga tao na wasakin at patayin si Ibrâhim subali't pinawalan ng saysay ng Allâh (ﷻ) ang kanilang masamang balakin at ginawa sila na mga talunan at hamak.

71. Iniligtas Namin si Ibrâhim (عليه السلام) at si Lût (عليه السلام) na siyang naniwala sa kanya na taga-'*Iraq*,' at sila ay iniligtas Namin patungo sa bayan ng '*Ash-Sham*' na ito ay biniyayaan Namin ng maraming biyaya at kabutihan, at doon nagsipaglitawan ang maraming Propeta.

72. Biniyayaan ng Allâh (ﷻ) si Ibrâhim (عليه السلام) at pinagkalooban Niya ng anak na si Ishâq at si Ishâq (عليه السلام) naman ay pinagkalooban ng anak na si Ya`qûb (عليه السلام) bilang karagdagang apo ni Ibrâhim. Lahat sila, mula kay Ibrâhim, Ishâq at Ya`qûb ay ginawa Namin sila na mga mababuti at mga masunurin bilang mga Propeta.



73. At ginawa Namin si Ibrâhim (عليه السلام), si Ishâq (عليه السلام) at si Ya`qûb (عليه السلام) bilang halimbawa sa mga tao na naghihikayat sa kanila tungo sa pagsamba lamang nang bukod-tangi sa Allâh (ﷻ) at pagsunod sa Kanyang kagustuhan, at ipinahayag Namin sa kanila ang pagsagawa ng kabutihan, na kabilang dito ang pagsunod sa batas ng mga Propeta, pagsagawa ng '*Salâh*' sa tamang pamamaraan, at pagbigay ng obligadong kawanggawa ('*Zakâh*') at ito ay kanilang ipinatupad, at sa Allâh (ﷻ) lamang na Bukod-Tangi sila sumusunod at nananampalataya at wala nang iba pa.

74. At ipinagkaloob Namin kay Lût (عليه السلام) ang pagiging Propeta at makatarungang paghuhukom sa pagitan ng mga hindi nagkakasundo at kaalaman hinggil sa kautusan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang '*Deen*,' at iniligtas Namin siya mula sa pangyayari sa kanyang bayan na Sodom (Sadom) na ang naninirahan doon ay napakasama ang pag-uugali at gumagawa ng mga karumal-dumal na gawain. Katiyakan, sila dahil sa kanilang karumal-dumal at hindi katanggap-tanggap na gawain na kanilang ginagawa, na sa pamamagitan nito sila ay lumabag sa kautusan ng Allâh (ﷻ).

75. At binuo ng Allâh (ﷻ) sa kanya ang Kanyang biyaya at siya ay ipinasok Niya sa Kanyang Awa sa pamamagitan ng pagkakaligtas sa kanya mula sa nangyari sa kanyang sambayanan; dahil katotohanan, siya ay kabilang sa mga sumusunod sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ).

76. At ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), ang nangyari kay Nûh (Noah عليه السلام), noong siya ay nanawagan sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, bago ka pa isinugo, O Muhammad (ﷺ), at bago pa kay Ibrâhim (عليه السلام) at kay Lût (عليه السلام); at dininig Namin ang kanyang panalangin at iniligtas Namin siya at ang mga mananampalataya mula sa kanyang pamilya sa matinding kapahamakan.

77. At tinulungan Namin siya mula sa pakana ng kanyang sambayanan na hindi naniwala sa Aming mga palatandaan na nagpapatunay sa pagiging totoo niya (Nûh

(عليه السلام). Katiyakan, sila ay mga taong masasama, na kung kaya, nilunod Namin silang lahat sa pamamagitan ng delubyo (o dakilang baha).

78. At ipaalaala mo pa rin, O Muhammad (ﷺ), ang Propeta ng Allâh na si Dâwood (عليه السلام) at ang kanyang anak na si Sulaymân (عليه السلام), nang sila ay nagpasiya sa isang pangyayari (usapin o kaso) na pinahukom sa kanila noong dalawang hindi nagkasundo, na nakapasok ang isang kambing sa taniman ng isa sa kanila at doon ito nanginain nang buong magdamag, at sinira nito ang pananim.

At naghukom si Dâwood na ang kambing ay mapupunta sa nagmamay-ari ng pananim dahil sa pamiminsalang nagawa nito, sapagka't ang halaga noong dalawa (kambing at nasirang pananim) ay magkatulad, at Kami ang saksi sa kanilang ginawang pagpasiya.

79. At ipinaunawa Namin kay Sulaymân ang patas na pagkakaintindi sa kapakanan ng dalawang panig, at siya ay nagpasiya na nararapat sa nagmamay-ari ng kambing na ibalik ang nasirang pananim habang ang nagmamay-ari naman ng pananim ay pansamatalang pinakikinabangan ang kambing na tulad ng gatas nito, mga balahibo nito at iba pang kapakinabangan mula rito, at pagkatapos ay saka ibabalik ang kambing sa nagmamay-ari nito kapag naibalik na sa dati ang pananim at nakapantay na sa halaga ng nasirang pananim ang pakinabang mula sa kambing noong nagmamay-ari nito (ng pananim).

At silang dalawa: si Dâwood at si Sulaymân ay pinagkalooban Namin ng tamang paghuhukom at kaalaman, at pinagkalooban din namin si Dâwood ng kakayahan na mapasunod niya ang mga kabundukan sa pagluwalhati ng mga papuri nito sa Allâh (ﷻ) na kasabay niya at gayundin ang mga ibon, at Kami ang gumawa ng lahat ng bagay na ito.

80. At bukod-tangi na ipinagkaloob Namin kay Dâwood, ang kagalingan sa pagsagawa ng panangga, na ito ay ginagawa niya sa pamamagitan ng pagdudugtung-dugtong ng mga kadenang bakal upang mapadali ang paggalaw ng katawan; nang sa gayon ay mapangalagaan ang mga mandirigma na hindi nila mabibitiwan basta-basta ang kanilang mga sandata.

Kung gayon, kayo ba ay tatanaw ng utang ng loob sa Biyaya ng Allâh (ﷻ), na ang mga bagay na ito ay ipinagkaloob Niya sa Kanyang alipin na si Dâwood?

81. At ginawa Namin na ipasailalim sa pangangasiwa ni Sulaymân ang hangin na napakalakas sa pagkakaihip nito, na siya at ang kanyang mga kasamahan ay dala-dala ng hangin na ito na sumusunod sa kanyang pag-aatas, na sila ay dala-dala patungo sa '*Baytul Maqdis*' (*Falisteen*), na lugar na Aming biniyayaan ng maraming biyaya. At katiyakan, saklaw ng Aming kaalaman ang lahat ng bagay.



82. At pinagkalooban din Namin siya ng kakayahan na mapasailalim sa kanyang kapangyarihan ang mga ‘*Shayâtin*’ (mga Satanas mula sa ‘*Jinn*’), ginagamit niya ang mga ito sa pamamaraan na hindi kayang gawin ng iba, na kung kaya, sila ay sumisisid sa karagatan upang manguha ng mga perlas at saka mga palamuti, at ito ay kanilang ginagawa at ganoon din ang paggawa ng iba pa na anumang nais ni Sulaymân sa kanila, na hindi nila kayang tumanggi sa anuman na kanyang nais, at pinangangalagaan sila ng Allâh (ﷻ) alang-alang kay Sulaymân dahil sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) na Kataas-taasan na Luwalhati sa Kanya.

83. At ipaalaala mo pa rin, O Muhammad (ﷺ), ang hinggil sa Aming alipin na si Ayyûb (عليه السلام) noong sinubok Namin siya ng hindi kanais-nais na pangyayari at matinding sakit sa kanyang katawan, at pagkawala ng kanyang pamilya, kayamanan at anak, subali’t siya ay nagtiis at naghangad lamang ng gantimpala ng Allâh (ﷻ), at siya ay nanawagan sa kanyang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha na Ganap na Makapangyarihan at Kataas-taasan, na kanyang sinabi: “*Katiyakan*, *tinamaan ako ng matinding pagdadalamhati*, *at Ikaw ang Pinakamahabagin sa lahat ng mahabagin*, *na kung kaya*, *paginhawahin Mo ako mula rito.*”

84. At tinugunan Namin ang kanyang panalangin, at inalis Namin sa kanya ang pagsubok, at ibinalik Namin sa kanya ang anuman na nawala sa kanya na pamilya, anak at kayamanan, na dinoble pa ito, at ito ay Aming ginawa sa kanya bilang Awa na mula sa Amin, upang siya ay maging halimbawa sa lahat ng matiisin sa pagsubok, na naghahangad lamang ng awa ng kanyang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha na sumasamba lamang nang bukod-tangi sa Kanya.

85. At alalahanin mo pa rin si Ismâ`il (عليه السلام), si Idris (عليه السلام) at saka si Dhul-Kifl (عليه السلام) na silang lahat ay kabilang sa mga matiisin sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal, at sila ay matiisin sa mga itinakda ng Allâh (ﷻ), na kung kaya, sila ay karapat-dapat na banggitin bilang papuri sa kanilang pagiging mabuti.

86. At ipinasok Namin sila sa Aming Awa. Katiyakan, sila ay kabilang sa mga mababuti ang kalooban at gayundin sa kanilang panlabas na gawain, sumunod sila sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsagawa sa ipinag-utos sa kanila.

87. At alalahanin mo pa rin, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento ni Dhun-Nun, na siya ay si Yunus Ibnu Matta (عليه السلام) na ipinadala ng Allâh (ﷻ) sa kanyang sambayanan at sila ay hinikayat niya, subali't sila ay hindi naniwala, at sila ay binalaan niya hinggil sa parusa subali't hindi pa rin sila nagbalik-loob, at nang hindi na siya nakapagtiis sa kanila ayon sa ipinag-utos ng Allâh (ﷻ), siya ay umalis na may galit sa kanila at naninikip ang kanyang dibdib dahil sa kanilang di-pagsunod, at siya ay naniniwala na ang Allâh (ﷻ) ay hindi siya paparusahan sa kanyang nagawang paglabag!

Na kung kaya, sinubukan siya ng Allâh (ﷻ) ng matinding pagdadalamhati, at siya ay nilamon ng malaking isda sa dagat, at siya ay nanawagan sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa kadiliman ng gabi sa ilalim ng karagatan na nasa ilalim ng tiyan ng malaking isda, na siya ay nagsisisi at umaamin sa kanyang pagkakamali; dahil sa hindi niya natiis ang kanyang sambayanan at kanyang sinabi: "***La i-lâ-ha il-lâ an-ta sub-hâ-na-ka in-nî kun-tu mi-nadz-dzâ-li-meen***," na ang ibig sabihin ay "*Walang sinuman ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat na sambahin kundi Ikaw na Luwalhati sa Iyo*, *O Allâh* (ﷻ), *at ako ay kabilang sa mga nagkasala*."

88. At dininig Namin ang kanyang panalangin, at iniligtas Namin siya sa matinding pagdadalamhati, na kung kaya, ganoon Namin inililigtas ang mga mananampalataya na mga matatapat.

89. At alalahanin mo pa rin, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento hinggil sa isa pang alipin ng Allâh na si Zakariyyã (عليه السلام) noong siya ay nanalangin sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha na pagkalooban siya ng anak noong siya ay matanda na, na kanyang sinabi: "*O aking* '*Rabb!*' *Huwag mo akong pabayaan na nag-iisa na walang magpapatuloy sa aking gawain*, *pagkalooban Mo ako ng tagapagmana na siyang magsasagawa ng gawaing pang-Relihiyon sa mga tao pagkatapos ko*, *dahil sa Ikaw ang* '***Khayrul Wâritheen***' *– Pinakamabuting Tagapagpanatili*, *na kung kaya*, *pagkalooban Mo ako ng magpapanatili sa aking gawain*."

90. At dininig Namin sa kanya ang kanyang panalangin at pinagkalooban Namin siya ng anak na si Yahyã (Juan عليه السلام) sa kanyang katandaan, at ginawa Namin para sa kanya ang kanyang asawa bilang mabuting tagapagdala ng sanggol at pinagaling Namin siya pagkatapos nitong maging baog, dahil sila ang mga yaong mabilis magsigawa ng kabutihan, na sila ay nananalangin sa Amin sa paghahangad ng anuman na nagmumula sa Amin, na natatakot sa Aming parusa, at sila ay mga mapagkumbaba na sumusunod sa Aming kagustuhan.



91. At alalahanin mo pa rin, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento ni Maryam (عليها السلام) na anak na dalaga ni `Imrân na inaalagaan niya ang kanyang pagkababae sa pamamagitan ng di-pagsagawa ng mga kasalanan, at kailanman ay hindi siya nakagawa ng kahalayan sa kanyang tanang buhay, na kung kaya, ipinadala ng Allâh (ﷻ) sa kanya si Anghel Jibril (عليه السلام), at hinipan ang kanyang damit sa bukas na gawing bahagi ng kanyang dibdib, at nakarating ang ihip ng kaluluwa na ito hanggang sa kanyang sinapupunan, at nilikha ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng ihip na ito si Al-Masih `Îsã Ibnu Maryam (ang Messiah Hesus na anak ni Maria عليه السلام), na siya ay nagdalang-tao sa pamamagitan ng ihip na ito, na walang asawa; at siya at ang kanyang anak sa ganitong pangyayari ay isang tanda sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) at aral sa paglikha hanggang sa pagkagunaw ng daigdig.

92. Silang lahat na mga Propeta ay iisa lamang ang kanilang '*Deen*' (o Relihiyon) na ito ay Islâm, na siyang pagsuko sa Allâh (ﷻ) bilang pagsunod sa Kanya at bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya, at ang Allâh (ﷻ), Luwalhati sa Kanya ang Kataas-Taasan, ang Nagmamay-ari ng anumang nilikha, na kung kaya, O kayong mga tao, sambahin ninyo Siya nang bukod-tangi na walang katambal.

93. Subali't ang mga tao ay nagkasalungatan hinggil sa mga Sugo na ipinadala sa kanila at nagkawatak-watak sila sa pagsunod sa Relihiyon na nagkaiba't ibang grupo, at ang iba sa kanila ay sinamba nila ang mga nilikha at ang kanilang mga pagnanasa, subali't lahat sila ay babalik sa Amin at huhukuman sila ayon sa kung ano ang kanilang nagawa.

94. Na kung kaya, sinuman ang nagpanatili sa paniniwala sa Allâh (ﷻ), sa Kanyang mga Sugo, at gumawa ng mga mababuting gawa sa abot ng kanyang kakayahan bilang pagsunod sa Allâh (ﷻ) at bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya ay hindi

babalewalain ang anuman na kanyang nagawa, at kailanman ay hindi mawawala ang kanyang gantimpala at tiyak na matatagpuan niya ang anumang kanyang ginawa sa kanyang talaan sa araw na siya ay bubuhayin na mag-uli pagkatapos ng kamatayan.

95. At ang pagbabawal ay itinakda sa mga nanirahan sa mga bayan na Aming pinuksa dahil sa kanilang di paniniwala at pagiging masama, na sila ay hindi makababalik dito sa daigdig bago ang Araw ng Muling Pagkabuhay; upang pagpunan ang anuman na kanilang pagkukulang.

96-97. At kapag nabuksan na ang harang na nakaharang sa mga '*Ya`juj*' at '*Ma`juj*' (Gog at Magog), at sila ay lalabas at kakalat sa lahat ng kalupaan na napakabilis, sa gayong kadahilanan ay malapit na ang Araw ng Muling Pagkabuhay at magaganap na ang mga malalagim na pangyayari, at kapag ito ay nangyari ay mapagmamasdan ninyo na dilat na dilat ang mga mata ng mga walang pananampalataya na halos hindi na makapikit, na isinusumpa na nila ang kanilang mga sarili bilang pagdadalamhati at pagmamakaawa: "*Kapighatian sa amin! Katiyakan*, *kami ay naging pabaya na hindi namin pinagtuunan ng pansin ang araw na ito at hindi namin pinaghandaan*, *dahil dito kami ay mga masasama*."

98. Katiyakan, kayo, O mga walang pananampalataya at ang inyong mga sinasamba sa ngayon na mga rebulto bukod sa Allâh at ang sinuman na pumayag na sambahin ninyo, maging sila man ay kabilang sa mga '*Jinn*' o tao, lahat kayo ay panggatong lamang sa Impiyerno! Katiyakan, kayo ay mananatili roon magpasawalang-hanggan.

99. Kung sila na inyong sinamba bukod sa Allâh ay tunay na diyos na karapat-dapat na sambahin ay hindi sila makapapasok ng Impiyerno kasama ninyo, O kayong mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, subali't walang pag-aalinlangan, mananatili kayong pareho sa Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan, na mga sumamba ng iba at ang inyong mga sinamba bukod sa Allâh.

100. Mayroon sa kanila na mga pinaparusahan sa Impiyerno ng mga parusang matitindi na dahil doon ay mapapabuntong-hininga sila nang pagkalalim-lalim at mapaaatungal sila nang labis-labis at doon sa Impiyerno ay hindi sila makaririnig dahil sa tindi ng parusang iginagawad sa kanila.

101. Katiyakan, ang mga yaong pinauna na nila ang kanilang kabutihan sa Amin ay batid Namin na ang para sa kanila ay kaligayahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin) na sila ay ilalayo mula sa Impiyernong-Apoy na hindi sila ipapasok doon at kailanman ay hindi sila mapapalapit doon.



102. Hindi nila maririnig ang kahit na pinakamahinang ingay ng Impiyerno na sumusunog sa katawan ng mga nandoroon dahil sila ay nanirahan na sa kanilang mga tahanan sa Hardin, at doon ay makakamtan nila ang anuman na nais nila na biyaya at kaligayahan, at sila ay mananatili roon magpasa-walang-hanggan.

103-104. Hindi sila matatakot hinggil sa matinding pangyayari na magaganap sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sa halip ay ibabalita sa kanila ng mga anghel ang magandang balita: "*Ito na ang inyong Araw na ipinangako sa inyo bilang parangal na mula sa Allâh* (ﷻ) *at masaganang gantimpala.*"

Sa Araw na titiklupin Namin ang kalangitan na katulad ng pagtiklop Namin sa Aklat at sa kung anumang nakasulat mula rito, at bubuhayin Namin na mag-uli ang mga nilikha ayon sa kung ano ang pagkalikha Namin sa kanila sa una (na ang ibig sabihin ay ibabalik sila sa dati nilang kaanyuan na kung sino sila noon).

Ito ay pangako ng Allâh (ﷻ) na hindi nababago, at ganito ang Aming pangako na pangakong karapat-dapat na ipatupad, dahil katiyakang isasakatuparan Namin ang anuman na Aming ipinangako.

105. Katiyakan, itinala Namin sa mga Aklat na ipinahayag pagkatapos ng Aming pagkakatala sa '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*;' na katiyakan, ang kalupaan ay mamanahin ng Aming mga alipin na mababuti na tinupad nila ang Aming mga ipinag-uutos at iniwasan ang Aming mga ipinagbabawal na sila ay ang '*Ummah*' ni Muhammad (ﷺ).

106. Katiyakan, sa binabasang Aklat na ito ay may malinaw na Mensahe bilang aral at kapakinabangan para sa mga tao na sumasamba sa Allâh (ﷻ) ayon sa kung ano ang Kanyang ipinag-uutos at ito ay katanggap-tanggap mula sa kanila.

107. At hindi ka Namin ipinadala, O Muhammad (ﷺ), kundi bilang Habag sa sangkatauhan at sa lahat ng nilikha, na kung kaya, sinuman ang maniwala sa iyo ay liligaya at maliligtas, at ang sino naman ang hindi maniwala sa iyo ay magdadalamhati at mabibigo.

108. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *ang ipinahayag sa akin na siyang dahilan ng pagkakasugo sa akin*, *na katiyakang ang inyong* '*ilâh*' (*o diyos na sinasamba*) *na Bukod-Tangi na karapat-dapat lamang na sambahin ay ang Allâh* (ﷻ), *na kung kaya*, *sumuko kayo sa Kanya at sumunod kayo sa pamamagitan ng pagsamba lamang sa Kanya nang bukod-tangi*."

109. Subali't kapag tinalikuran nila ang Islâm, sabihin mo sa kanila: "*Ipinararating ko lamang sa inyo ang lahat ng ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *sa akin*, *samantalang ako at kayo ay pare-pareho sa kaalaman*, *at hindi nakahihigit ang aking kaalaman sa inyo hinggil sa kung kailan mangyayari ang ipinangako sa inyo na parusa*."

110. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Nakaaalam ng anumang inihahayag ninyo na mga salita at ang anuman na inyong inililihim, at ayon dito kayo ay papagbabayarin.

111. At hindi ko batid, na baka maaaring ang pag-aantalang ito ng parusa na inyong ipinamamadali ay bilang pagsubok sa inyo, na niluluwagan kayo upang lalo kayong mapasama at magpakasaya rito sa daigdig na may hangganan; upang mas lalong maragdagan ang inyong di-paniniwala pagkatapos ay saka mangyari ang matinding kaparusahan sa inyo.

112. Sinabi ng Propeta: "*O aking* '*Rabb!*' *Pagpasiyahan Mo ng makatarungang pagpapasiya ang pagitan namin at ng mga walang pananampalataya mula sa aking sambayanan. Na nananalangin kami sa aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na Pinakamahabagin at humihingi kami ng tulong laban sa anumang inyong ginagawa na mga walang pananampalataya*, *na pagsamba ng iba*, *pagtanggi at pagsisinungaling laban sa Kanya.*"

سورة الحج 22

XXII – Sûrat Al-Hajj

[**Kabanata Al-Hajj** –
Ang Paglalakbay (sa Banal na Tahanan ng Pagsamba sa Allâh ﷻ)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. O kayong mga tao! Katakutan ninyo ang parusa ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal! Katiyakan, ang mangyayari sa Oras ng pagkagunaw ng daigdig ay isang matinding pagkayanig ng kalupaan na isang malagim na pangyayari at kagimbal-gimbal na pangingisay ng kalupaan dahil mabibiyak ang mga duluhan nito at ito ay isang bagay na napakasidhi na hindi kayang abutin ng sinuman kung gaano ito katindi at hindi kayang abutin ng kaisipan ang pagiging totoo nito na pangyayari.

2. Sa Araw na makikita ninyo ang pangyayaring ito, na ang isang ina na nagpapasuso ng sanggol ay makakalimutan niya ang kanyang pinasususong anak; dahil sa sidhi ng pangyayari, at mailalaglag ng nagdadalang-tao ang kanyang dala-dala dahil sa tindi ng takot, at mawawala sa sariling katinuan ang tao na iisipin mo na para silang nasa lubos na kalasingan dahil sa malagim na pangyayari at pagkatakot, gayong hindi naman sila mga lasing kundi ang nagpaalis sa kanila sa kanilang sariling katinuan ay ang sidhi ng kaparusahan.

3. Ilan sa mga namumuno sa mga tao na mga walang pananampalataya ay nagtatalu-talo at nagdududa sa kakayahan ng Allâh (ﷻ) sa pagbuhay na mag-uli; dahil sa kanilang kamangmangan sa tunay na kapangyarihan ng Allâh (ﷻ), at sa kanilang pagsunod sa mga pinuno ng pagkaligaw na mga '*Shaytân*' na lumabag sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga Sugo.

4. Pinagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) at itinakda sa '*Shaytân*' na ito, na katiyakang maliligaw ang sinumang susunod sa kanya at hindi Niya gagabayan sa katotohanan, sa halip siya ay kakaladkarin tungo sa kaparusahan sa Impiyerno na sinisilaban bilang kabayaran sa kanyang pagsunod kay '*Shaytân*.'

5. O sangkatauhan! Kung kayo ay nag-aalinlangan na ang Allâh (ﷻ) ay bubuhayin Niya na mag-uli ang mga namatay, samakatuwid, walang pag-aalinlangang nilikha Namin ang inyong ama na si Âdam (عليه السلام) mula sa alabok, pagkatapos ay dumami ang kanyang lahi na nagmula sa '*Nutfah*,' na ito ay semilya na nagmumula sa lalaki na nakapapasok sa sinapupunan ng babae, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) ito ay magiging isang '`*Alaqah*' – mamumuo itong dugo, na isang pulang dugo na malapot, pagkatapos ang namuong dugong ito ay magiging '*Mudhghah*' – isang laman, na ito ay isang pirasong laman na kasingdami ng isang subo na parang may mga kagat sa tagiliran – at minsan ay buo ang pagkalikha rito na magpapatuloy ito sa paglago (o paglaki) hanggang sa ito ay lalabas na isang buhay na sanggol at minsan naman ay hindi buo ang pagkalikha rito, na kung kaya, ito ay malalaglag – na sa ganito Namin nililinaw sa inyo ang kabuuan ng Aming kapangyarihan sa pagkakasunud-sunod na mga yugto ng pagkakalikha nito.

At sinanhi Namin na manatili ang mga ito sa mga sinapupunan sa anumang itinakdang panahon na Aming nais, na ito ay nabuo bilang isang nilikha hanggang sa ito ay ipanganak, na mababuo naman ang mga yugto nito pagkasilang ng mga sanggol na magsisimula bilang mga maliliit na mga bata na unti-unting lumalaki hanggang sa maabot niya ang edad ng katatagan, na ito ay panahon ng kabataan, kalakasan at tamang pagkahubog sa kaisipan. At mayroon sa mga sanggol ang namamatay bago pa dumating sa kanila ang ganitong kalagayan, at mayroon naman sa kanila ang lumalaki hanggang sa umabot sa matinding katandaan at pagiging ulyanin (o kahinaan ng kaisipan); na hindi na alam ng sinumang inabot ng katandaan ang mga bagay na dati niyang alam (na upang pagkatapos niyang magkaroon ng kaalaman noon ay ibinabalik siyang muli sa pagiging walang kaalaman).

At makikita mo ang kalupaan na tuyot na walang buhay na walang anumang pananim na sumisibol, subali't kapag binuhusan Namin ng tubig-ulan ay nabubuhay na gumagalaw sa pamamagitan ng pagsibol ng mga pananim mula rito, na ito ay lumalaki at nagiging masagana ang paglago nito, at nagpapatubo ng bawa't mabubuti't magagandang pananim na kanais-nais sa mga paningin.



6. Ang mga nabanggit na ito ay kabilang sa mga palatandaan ng kapangyarihan ng Allâh (ﷻ), na naririto ang tiyak na katibayan ng Allâh (ﷻ) bilang '*Rabb*' na Tagapaglikha na karapat-dapat na sambahin, na hindi maaaring ituon kahit kaninuman ang pagsamba kundi para sa Kanya lamang, dahil Siya ang bumubuhay ng mga namatay at Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay.

7. At katiyakan na ang Oras ng pagkagunaw ng sandaigdigan ay darating, na ito ay walang pag-aalinlangan; at katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ay bubuhayin Niya na mag-uli ang mga namatay mula sa kanilang mga libingan para sa paghuhukom at pagbabayad.

8-9. At mayroon mula sa mga walang pananampalataya ang nakikipagtalo hinggil sa Allâh (ﷻ), sa Kanyang Kaisahan, sa pagpili Niya sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ) at sa pagpapababa Niya ng Dakilang Qur'ân; bilang kamalian ng mga yaong walang anumang kaalaman o patnubay, o isang Aklat na nagbibigay ng liwanag mula sa Allâh (ﷻ), na itinutungo niya ang kanyang leeg bilang pagmamataas, na pagtanggi sa katotohanan; upang harangan ang iba na pumasok sa '*Deen*' ng Allâh.

Walang pag-aalinlangan, ang para sa kanya ay kapahamakan dito sa makamundong buhay dahil sa paglantad ng kanyang kamangmangan at pagkapahiya sa kanya, at susunugin Namin siya sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa Impiyernong-Apoy.

10. Ito ang kaparusahan na para sa iyo dahil sa ginawa mong paglabag at pagkakasala, at katiyakang ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya paparusahan ang sinuman na walang kasalanan.

11-13. Mayroon sa mga tao na pumapasok sa Islâm na mahina at may pag-aalinlangan, na kung kaya, sinasamba niya ang Allâh (ﷻ) nang walang katiyakan, ang

katulad niya ay isang tao na tumayo sa gilid ng bangin o sumandal sa pader na hindi matatag ang pagkakatayo nito, na iniugnay niya ang kanyang paniniwala sa kanyang makamundo: na kapag siya ay nabuhay na nasa kalusugan at kaginhawahan ay magpapatuloy siya sa kanyang pagsamba, at kapag nangyari naman sa kanya ang pagsubok sa mga bagay na di-kanais-nais at mga kahirapan ay isisisi niya ito sa katotohanang '*Deen*' na kanyang sinunod, at siya ay tumalikod na tulad ng isang nagpakabuti at pagkatapos ay nagpakasama.

Na kung kaya, dahil sa ganitong gawain ay naging talunan siya sa makamundong buhay, dahil hindi mababago ng kanyang di-paniniwala ang anumang nakatakda sa kanya na makamundong buhay; at magiging talunan naman siya sa Kabilang-Buhay dahil sa kanyang pagpasok sa Impiyernong-Apoy. Ito ang malinaw at katiyakang pagkatalo.

Sumasamba ng iba bukod sa Allâh ang talunang ito, na hindi man lamang siya maipapahamak nito kung ito ay kanyang tatalikuran, at wala rin naman siyang anumang kapakinabangan kung siya ay sasamba rito.

Ito ang napakalayong pagkakaligaw mula sa katotohanan. Nananalangin siya rito na ang kapahamakan ay mas malapit kaysa sa kapakinabangan nito; at katiyakan na ito ang napakasama na itinuturing na makatutulong gayong wala naman itong kakayahan na kahit na ano, at katiyakan na napakasamang kaibigan.

14. Walang pag-aalinlangan, papapasukin ng Allâh (ﷻ) ang mga yaong naniwala sa Kanya, sa Kanyang Sugo at nagpanatili sa ganitong paniniwala at gumawa ng mga kabutihan, sa mga hardin sa '*Al-Jannah*' na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno nito. Katiyakan, ginagawa ng Allâh (ﷻ) ang anumang Kanyang nais na gantimpala sa sinumang sumunod sa Kanya bilang kagandahang-loob, at pinaparusahan Niya ang sinumang lumabag bilang makatarungang paghatol.

15. Sinumang naniwala na ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya matutulungan ang Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ) dito sa daigdig upang mangibabaw ang Kanyang '*Deen*,' at sa Kabilang-Buhay upang iangat ang kanyang antas, at parusahan ang sinumang hindi naniwala, sinuman na ganito ang panuntunan ay hayaan niyang magsabit siya ng lubid sa itatas ng kisame ng kanyang tahanan at hayaan niyang bigtihin ang kanyang sarili. Pagkatapos ay putulin niya ang lubid na ito, at pagkatapos ay tingnan niya kung mayroon pang matitirang galit sa kanyang sarili! Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay tutulong sa Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ), na ito ay katiyakan na walang pag-aalinlangan.



16. At kung paano itinatag ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang mga katibayan laban sa mga walang pananampalataya na kaya Niyang buhayin na mag-uli ay ganoon din Niya ibinaba ang Kabanal-banalan na Qur'ân, bilang malinaw na mga palatandaan, sa mga salita at sa mga kahulugan nito.

Walang pag-aalinlangan, ginagabayan ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan nito ang sinuman na Kanyang nais na gabayan; dahil walang sinumang nakagagabay bukod sa Kanya.

17. Walang pag-aalinlangan, ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ), at ang mga yaong Hudyo, at saka mga '*Saba`in*' – na sila ang yaong nanatili sa kanilang '*Fitrah*' (o likas na pagkakalikha sa kanila) na wala silang natatanging sinunod na Relihiyon, gayundin ang mga Kristiyano, at ang mga '*Majûs*' – na sila ang mga sumasamba sa apoy, at ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh na sila ang yaong sumasamba sa mga diyus-diyusan; katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ay pagbubukud-bukurin silang lahat sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na papapasukin Niya ang mga mananampalataya sa '*Al-Jannah*' at ang mga walang pananampalataya naman ay sa Impiyernong-Apoy.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Shaheed***' – Saksi sa lahat ng bagay, Nakaaalam kung ano ang karapat-dapat sa bawa't isa sa kanila na kabayaran ayon sa kanilang nagawa na Kanyang itinala para sa kanila at pinagtibay laban sa kanila.

18. Hindi mo ba alam, O Muhammad (ﷺ), na nagpapatirapa sa Kanya bilang pagpapakumbaba at pagsunod ang anuman na nasa kalangitan na mga anghel at ang nasa kalupaan na mga nilikha, at ang araw, buwan at ang mga bituin, mga bundok, mga puno at ang lahat ng mga gumagapang? At para sa Allâh (ﷻ) lamang nagpapatirapa ang maraming mga tao bilang pagsunod at pagkukusa, na sila ay yaong mga mananampalataya, subali't marami sa mga tao na makatarungan ang paggagawad ng parusa sa kanila, at ang sinumang tao na ipapahamak ng Allâh (ﷻ) ay

wala nang magpaparangal sa kanya. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay ginagawa Niya sa Kanyang nilikha ang anumang Kanyang nais ayon sa Kanyang '*Hikmah*' (o karunungan)

19-22. Ang dalawang grupong ito ay nagtatalu-talo hinggil sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha: ang mga mananampalataya at ang mga walang pananampalataya, ang bawa't panig ay nag-aangkin na siya ay tama; samakatuwid ang mga yaong walang pananampalataya ay pagsusuotin sila bilang parusa ng kasuotan na gawa sa Apoy na masusunog ang kanilang mga katawan, at pagkatapos ay ibubuhos sa kanilang mga ulunan ang tubig na napakasidhi sa init, na aabot hanggang sa kaloob-looban nila na ikatutunaw ng lahat ng nasa loob nito, hanggang makarating sa kanilang mga balat at ito ay maluluto at magkakalaglagan, at papaluin sila ng mga anghel sa kanilang mga ulo ng pamukpok na gawa sa bakal.

Sa tuwing nanaisin nilang lumabas sa Impiyerno dahil sa sidhi ng kanilang paghihirap at sa kalagiman nito ay kakaladkarin silang pabalik doon, at sasabihin sa kanila: '*Lasapin ninyo ang masidhing parusa ng Impiyerno na nakasusunog.*'

23. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay papapasukin Niya ang mga mananampalataya at gumawa ng kabutihan sa mga hardin sa '*Al-Jannah*' na ang kanilang kasiyahan doon ay patuloy magpasawalang-hanggan, na kung saan doon ay may umaagos na mga ilog sa ilalim ng mga puno nito, at papalamutian sila sa pamamagitan ng pagpapasuot sa kanila ng mga pulseras na gawa sa ginto at perlas, at ang kanilang mga kasuotan sa '*Al-Jannah*' ay mga sutla, na magkatulad sa kalalakihan at mga kababaihan.



24. At sila ang tiyak na ginabayan ng Allâh (ﷻ) dito sa daigdig tungo sa mabuting salita; hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), pagpuri at pagdakila sa Kanya, at sa Kabilang-Buhay naman ay tungo sa pagpuri sa Kanya dahil sa maganda ang pinatunguhan nila, na kung paano sila ginabayan noon tungo sa Daan ng Islâm na sila ay pinupuri, na ito ang nagdala sa kanila tungo sa '*Al-Jannah*.'

25. Katiyakan, ang mga yaong hindi naniwala sa Allâh, at tinanggihan ang anumang dala-dala sa kanila ni Muhammad (ﷺ), at pinagbawalan nila ang iba na yumakap sa '*Deen*' ng Allâh, at pinigilan nila ang Sugo ng Allâh at ang mga mananampalataya noong taon na nangyari ang usapin sa '*Hudaybiyyah*,' na sila ay pinigilan na makarating sa '*Masjid Al-Harâm*,' gayong ginawa Namin ang lugar na ito para sa lahat ng mga mananampalataya, na pareho sa mga naninirahan dito at sa mga panauhin na nagtutungo rito, para sa kanila na pumigil sa mga yaon ay masidhing kaparusahan, at sinuman ang magnais ng masamang balakin at lumihis sa katotohanan bilang pagiging masama at lalabagin niya ang Allâh (ﷻ) dito sa lugar na ito ('*Masjid Al-Harâm*'), ipatitikim Namin sa kanya ang masidhing kaparusahan.

26. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong ipinakita Namin kay Ibrâhim (عليه السلام) ang '*Baytullâh*' – ang lugar ng Tahanan ng pagsamba sa Allâh (ﷻ), at ito ay Aming inihanda para sa kanya, gayong noon ay hindi ito kilalang lugar, at inutusan Namin siya na ito ay itayo batay sa pagkatakot sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Kaisahan at linisin mula sa dungis ng di-paniniwala, anumang pagbabago ng katuruan ('*bid`ah*') at kadumihan; upang maging kaaya-aya sa mga nagsasagawa ng '*tawâf*,' at tumitindig para (sa pagsa-'*Salâh*') bilang pagsamba sa Allâh (ﷻ) dito sa lugar na ito.

27-28. At ipaalam mo, O Ibrâhim (عليه السلام), sa sangkatauhan ang kautusan sa kanila na magsagawa ng Hajj, na sila ay tutungo sa iyo batay sa antas ng kani-kanilang

kalagayan, may naglalakad, at may nakasakay sa mga payat na kamelyo, na darating ito sa iyo na nagmula sa mga malalayong lugar upang dumalo sa mga gawain na kapaki-pakinabang sa kanila bilang pagpapatawad sa kanilang mga kasalanan, at gantimpala sa pagsagawa nila ng kanilang mga pag-aalay (ng mga hayop) at pagsunod, at gayundin sa kanilang kikitain sa kanilang mga kalakal, at iba pa; at upang purihin nila ang Pangalan ng Allâh (ﷻ) sa kanilang pagkatay ng kanilang mga pang-alay na mga kamelyo, baka at kambing sa mga nabibilang na mga araw, na ito ay sa ika-sampu ng '*Dhul-hijjah*' at ang sumunod na tatlong araw pagkatapos nito; bilang pasasalamat sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga biyaya, at sila ay inutusan na kumain mula sa mga kinatay na ito bilang kalugud-lugod na gawain sa paningin ng Allâh (ﷻ) at ipakain nila ang iba sa sinumang mahirap na matindi ang kahirapan nito.

29. Pagkatapos ay ipagpapatuloy ng mga nagsasagawa ng Hajj ang pagsagawa ng iba pang mga gawain at ng mga sakripisyo upang mabuo nila ang kanilang Hajj, pagkatapos ng kanilang pag-alis sa kalagayan ng '*Ihrâm*,' na ito ay sa pamamagitan ng paglilinis ng kanilang sarili, at pagputol ng mga kuko at pag-aahit ng ulo (mga kalalakihan), at upang maisakatuparan nila ang anumang inubliga nila sa kanilang mga sarili na gawain ng Hajj, ''*Umrah*' at pagkakatay ng hayop, at upang sila ay makapag-'*Tawâf*' sa '*Baytul `Ateeq*' – Sinaunang Tahanan [ng pagsamba sa Allâh] na ito ay pinalaya ng Allâh (ﷻ) mula sa pangunguntrol ng mga masasama, na ito ay ang '*Ka`bah*.'

30. Na itong ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) na paglilinis, pagpapatupad ng mga sakripisyo o mga pangako at pagsasagawa ng '*tawâf*' sa Tahanan ng (pagsamba sa) Allâh, na ang mga ito ay ipinag-utos sa inyo ng Allâh (ﷻ), na kung kaya, pahalagahan ninyo ang mga gawaing ito, samakatuwid, ang sinumang igagalang niya ang mga sagradong gawain na ito na para lamang sa Allâh (ﷻ), na kabilang dito ay ang mga gawain sa Hajj sa pamamagitan ng pagpapatupad ng kabuuan nito ng taos-puso nang alang-alang sa Allâh (ﷻ), na ito ay higit na nakabubuti sa kanya rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

At ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) sa inyo na kumain ng (karne ng) mga hayop maliban sa Kanyang ipinagbawal ayon sa binanggit sa inyo sa Dakilang Qur'ân na katulad ng '*Maytah*' at iba pa, na kung kaya, ito ay iwasan ninyo, at ito ay pagwawalang-bisa sa anumang ginagawa ng mga Arabo na pagbabawal sa ibang mga uri ng hayop, na kung kaya, layuan ninyo ang anumang maruruming bagay sa paningin ng Allâh (ﷻ) na katulad ng mga diyus-diyusan at pagsisinungaling laban sa Allâh (ﷻ).



31. Na sila ay mga matutuwid na sumusunod sa Allâh (ﷻ) na taos-puso sa kanilang gawain na para lamang sa Kanya, na sila ay humaharap sa pagsamba lamang sa Kanyang Kaisahan at pagsunod lamang sa Kanya, na sila ay tumatalikod sa anumang maling sinasamba bukod dito sa pamamagitan ng paglalayo nila sa '*Shirk*' dahil sa katunayan, ang sinumang nagtambal ng anuman sa pagsamba sa Allâh, ang katulad niya – dahil sa kanyang paglayo sa patnubay, at sa kanyang pagkawasak bilang pagguho mula sa tugatog ng tamang paniniwala tungo sa kababa-babaan ng di-paniniwala, at paghatak ni '*Shaytân*' sa kanya sa lahat ng dako (ng kamalian) – ay katulad ng sinumang nahulog mula sa kalangitan; na siya ay pinag-agawan ng mga mababangis na ibon habang siya ay nasa himpapawid na nagkapira-piraso ang kanyang mga katawan, o di kaya, siya ay tatangayin ng malakas na malakas na hangin upang siya ay itapon sa malayung-malayong lugar.

32. Ito ang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) na paniniwala sa Kanyang Kaisahan at taos-pusong pagsamba lamang sa Kanya. Na kung kaya, sinuman ang susunod sa ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) at igagalang ang anumang mga palatandaan ng Allâh (ﷻ), sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ipinag-utos ng Allâh (ﷻ), na kabilang dito ang gawain ng Hajj at pagsasakripisyo ng mga kinakatay na hayop, na ito ay sa mabuting pag-aalaga sa mga hayop at pagpapakain sa mga ito, at itong paggalang sa ganitong pamamaraan ay kabilang sa mga gawain ng mga nagtatangan ng mga mababuting kalooban at pusong natatakot sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ).

33. Para sa inyo mula sa mga hayop na ito na iniaalay, ang kapakinabangan na katulad ng balahibo nito, gatas at pagsakay dito at iba pa na hindi nakapagpapahirap sa hayop hanggang sa itinakdang panahon ng pagkatay nito, at kapag ito ay nakatay na, dadalhin ito sa '*Baytul `Ateeq*' – Sinaunang Tahanan ng pagsamba sa Allâh (ﷻ) na ang tinutukoy dito ay ang lahat ng lugar na nasasakupan ng '*Haram*' (Makkah).

34. At sa bawa't sambayanan ng mga naunang mananampalataya ay Aming itinakda ang mga ganitong pamamaraan na mga gawain bilang pagsasakripisyo at pagkatay ng mga hayop; upang maalaala nila ang Allâh (ﷻ) sa oras ng pagkatay sa anuman na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila na biyaya na katulad ng mga hayop na ito at pasalamatan Siya. Na kung kaya, ang inyong '*Ilâh*' (Diyos na karapat-dapat sambahin), O kayong mga tao, ay bukod-tanging Nag-iisa, Siya ang Allâh (ﷻ), na kung kaya, isuko lamang ninyo ang inyong sarili sa Kanya bilang Muslim, sundin ninyo ang Kanyang ipinag-uutos at ang Kanyang Sugo.

At ibigay mo, ang magandang balita, O Muhammad (ﷺ), sa mga mapagpakumbaba at nagpapasailalim sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, ang mabuting gantimpala rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

35. Na sila na mga mapagpakumbaba at matatakutin ay isa sa mga katangian nila ay kapag binanggit at pinuri ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ) ay natatakot sila sa Kanyang parusa at umiiwas sila sa paglabag sa Kanya, at kapag nangyari sa kanila ang kagipitan ay nagtitiis sila na naghahangad sila ng gantimpala mula sa Allâh (ﷻ) na Dakila at Kataas-Taasan, at isinasagawa nila ang pagsa-'*Salâh*' nang ganap, at kalakip noon, sila ay gumagasta mula sa anumang kabuhayan na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila na ito ay bilang tungkulin, na nagbibigay ng obligadong kawanggawa ('*Zakâh*') o ang anumang kanilang tungkulin sa kanilang mga pamilya na obligasyon nilang tustusan, at sa Daan ng Allâh (ﷻ), at sa anuman na kanilang tinutustusan na kaaya-aya sa paningin ng Allâh (ﷻ).

36. At ipinag-utos Namin sa inyo ang pagkatay ng mga hayop, na ito ay kabilang sa tanda ng '*Deen*' ng Allâh (ﷻ); upang kayo ay makapag-alay bilang tanda ng inyong pagmamahal sa Allâh (ﷻ), at para sa inyo sa ganitong gawain, O kayo na mga nagsipag-alay, ang mabuting pakinabang, katulad ng pagkain mula rito, o pagbibigay ng kawanggawa mula rito at ang gantimpala ng ganitong gawain, na kung kaya, bigkasin ninyo habang kayo ay nagkakatay; ang '*Bis-mil-lâh*' – sa Ngalan ng Allâh. At kakatayin ang kamelyo na nakatayo na nakahelera ang tatlong paa at nandoroon ang tali sa isa nitong paa (na pang-apat), at kapag bumagsak na ang tagiliran nito sa lupa ay ipinahihintulot na itong kainin, na kung kaya, maaaring kumain mula rito ang sinumang nag-alay nito bilang isang uri ng pagsamba at ipakain niya ang ibang bahagi sa mga mahihirap na hindi namamalimos at gayundin sa mahihirap na namamalimos dahil sa tindi ng kanilang pangangailangan, at sa ganito ginawa ng Allâh (ﷻ) na mapasailalim nang madali sa inyong pangangasiwa ang mga ito upang magpasalamat kayo sa Allâh (ﷻ) sa ganitong pagkakaloob sa inyo.

37. Hindi ang mga laman ng hayop at dugo ang tinitingnan ng Allâh (ﷻ) bilang katanggap-tanggap sa Kanya kundi ang pagkatakot ninyo sa Kanya at kadalisayan ng

inyong mga puso, na ito lamang ang dapat na inyong maging layunin para makatagpo ninyo ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi, na kung kaya, ganoon ginawa ng Allâh (ﷻ) na ito ay maging madali para sa inyo upang dakilain ninyo Siya at pasalamatan sa Kanyang patnubay sa inyo ng katotohanan, dahil Siya ay karapat-dapat lamang sa ganitong pagdakila at pagpapasalamat. Na kung kaya, ibigay mo ang magandang balita, O Muhammad (ﷺ), sa mababuti ang kanilang pagsamba sa Kaisahan lamang ng Allâh (ﷻ) at mababuti sa kanilang kapwa, na mapapasakanila ang lahat ng kabutihan at tagumpay.

38. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay pangangalagaan Niya ang mga mananampalataya laban sa mga walang pananampalataya at sa masamang balakin ng sinumang masama; dahil ang Allâh (ﷻ) na Pinakadakila at Kataas-Taasan ay hindi Niya ninanais ang sinumang traydor na hindi nito pinangangalagaan ang ipinagkatiwala sa kanya ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at binabalewala nito ang Kanyang mga biyaya.



39. (Ang Muslim sa Makkah noon sa unang pagkakataon ay pinagbawalan sila na makipaglaban sa mga walang pananampalataya at inutusan silang magtiis sa anumang pasakit, at noong umabot na sa sukdulan ang pagmamalupit ng mga walang pananampalataya at umalis na ang Propeta mula sa Makkah at nangibang-bayan sa Madinah, at nagkaroon na ng lakas ang Islâm) ay saka pa lamang ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) sa mga Muslim ang makipaglaban; dahil sa matinding pang-aapi na nangyari sa kanila; at katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan na May Kakayahan na sila ay tulungan at pagwagiin, at ipahamak naman at abahin ang kanilang mga kalaban.

40. At ang mga yaong puwersahang pinaalis sa kanilang mga tahanan na walang anumang kadahilanan maliban sa ginawa nilang pagyakap sa katotohanan na sila ay nag-Muslim at kanilang sinabi: "*Ang Aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay ang Allâh* (ﷻ) *lamang na Bukod-Tangi*."

At kung hindi lang itinala ng Allâh (ﷻ) na iwaksi ang pang-aapi at kasinungalingan sa pamamagitan ng pakikipaglaban ay matatalo ang katotohanan sa bawa't sambayanan, at mawawasak ang kalupaan at masisira ang anumang lugar ng sambahan na katulad ng mga monasteryo, simbahan, sinagoga at mga '*Masjid*' ng mga Muslim na kung saan doon sila nagsasagawa ng '*Salâh*' at doon nila pinupuri ang Pangalan ng Allâh nang paulit-ulit.

At sinuman ang nagsumikap na itaguyod ang '*Deen*' ng Allâh, walang pag-aalinlangan na tutulungan siya ng Allâh (ﷻ) laban sa kanyang kalaban. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Qawee***' – Pinakamalakas na hindi nagagapi, na '`***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punong-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi natatalo, na walang pag-aalinlangan, sila ay kontrolado Niya sa kanilang mga '*Nâsiyah*' (noo).

41. Ang mga yaong pinangakuan Namin ng Aming tulong ay sila ang mga yaong pinatatag Namin sa kalupaan, at ipinamahala Namin sa kanila ito sa pamamagitan ng pagkakagapi nila sa kanilang mga kalaban, na kung kaya, isinagawa nila ang kanilang '*Salâh*' ayon sa itinakdang oras nito, at ibinigay nila ang obligadong kawanggawa ('*Zakâh*') mula sa kanilang mga yaman sa sinumang karapat-dapat na pagbigyan nito, at ipinag-utos nila ang lahat ng ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) na anuman na Kanyang karapatan at karapatan ng Kanyang mga alipin, at ipinagbawal nila ang lahat ng ipinagbawal ng Allâh (ﷻ). Sa Allâh (ﷻ) lamang na Bukod-Tangi ang patutunguhan ng lahat ng bagay, at mabuting hantungan sa mga natatakot sa Kanya.

42-44. At kapag ikaw ay tinanggihan at di-pinaniwalaan ng iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), ay walang pag-aalinlangang nauna na ang pagtanggi at di paniniwala sa mga Sugo ng mga sambayanan ni Nûh, ni `Âd, ni Thamoud, sambayanan ni Ibrâhim at sambayanan ni Lût, at ang mga nanirahan sa Madyan na pinasinungalingan nila si Shu`ayb (عليه السلام), at pinasinungalingan ni Fir`âwn at ng kanyang sambayanan si Mousã (عليه السلام), magkagayunpaman ay hindi Ko minadali ang pagparusa sa mga sambayanang yaon bagkus ay pinaginhawa Namin sila nang pansamantala, at pagkatapos nito ay pinuksa Ko silang lahat sa pamamagitan ng masidhing pagpaparusa, na kung kaya, pagmasdan kung paano ang Aking ginawang matinding paninisi sa kanila sa kanilang di-paniniwala at pagpapasinungaling, at pinalitan ang anumang biyayang natatamasa nila ng kaparusahan at pagkawasak?

45. Na karamihan sa bayan ng mga masasama ay pinuksa Namin ang mga naninirahan doon dahil sa kanilang di-paniniwala, na kung kaya, ang kanilang mga tahanan ay nawasak at naglaho ang mga nanirahan doon, at sa kanilang mga balon ay wala nang makukuhang tubig at ang kanilang mga nagtataasang palasyo na mga magagara ay hindi man lamang nagsanhi na mapigilan ang matinding parusa na iginawad sa kanila.

46. Na kung kaya, hindi ba sila nakapaglakbay na mga tumanggi at mga walang pananampalataya na mga Quraysh sa kalupaan upang masaksihan nila ang bakas ng mga winasak na mga pamayanan, upang mapag-isipan at mapag-aralan nila, at marinig ang tunay na kuwento hinggil sa kanila na may kasamang malalim na pang-unawa at pagkuha ng aral?

Dahil sa katotohanan, ang pagkabulag ay hindi ang pagkabulag ng mata, kundi ang nakapipinsala ay ang pagkabulag ng puso dahil sa hindi pagkakaintindi ng mga katotohanan at mga aral.



47. At minamadali ka, O Muhammad (ﷺ), ng mga walang pananampalataya na mga Quraysh, dahil sa tindi ng kanilang kamangmangan sa parusa na ibinababala mo sa kanila, noong sila ay nagpumilit sa pagtanggi, at kailanman ay hindi babaguhin ng Allâh (ﷻ) ang anuman na ipinangako Niya na parusa sa kanila at ito ay walang pag-aalinlangan na mangyayari, at katiyakan, na ito ay nangyari nang mas maaga sa kanila rito sa daigdig noong naganap sa kanila ang pagkatalo sa Labanan sa Badr. At katiyakan, ang isang araw sa paningin ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay katumbas ng isang libong taon sa mga araw na binibilang ninyo rito sa daigdig, at ito ay hindi imposible sa Allâh (ﷻ).

48. At marami sa mga bayan ng mga masasama na nagpumilit ang mga nanirahan doon sa pagtanggi at di-paniniwala, ay inantala Ko pansamantala sa kanila na hindi Ko muna minadali sa kanila ang parusa upang sila ay magpabaya na may pagmamataas. Pagkatapos ay pinuksa Ko sila sa pamamagitan ng Aking parusa rito sa daigdig, at sa Akin din sila magbabalik pagkatapos nilang mawasak at paparusahan Ko sila ng anuman na karapat-dapat sa kanila.

49-51. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*O kayong mga tao*, *ako ay hindi hihigit na tagapagbabala lamang sa inyo*, *na ipinararating ko ang mensahe na mula sa Allâh* (ﷻ)." Na kung kaya, ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at ito ay kanilang isinapuso at gumawa sila ng mga mababuting gawa, ang para sa kanila ay kapatawaran mula sa Allâh (ﷻ), upang pagtakpan ang kanilang mga nagawang kasalanan, at mabuting biyaya na walang katapusan na ito ay ang '*Al-Jannah*.'

At ang mga yaong nagsumikap sa kanilang masamang balakin upang pawalan ng bisa ang mga talata ng Kabanal-banalan na Qur'ân sa pamamagitan ng kanilang pagpapasinungaling na may kalupitan at upang biguin ang mga mananampalataya, sila ay mananatili sa Impiyernong-Apoy.

52. At walang sinuman ang ipinadala, Sugo man o Propeta na nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), kundi kapag binasa niya ang Aklat ng Allâh ay mambubuyo si '*Shaytân*' ng mga salitang panlilinlang at panliligáw habang ito ay binibigkas; upang pigilin ang mga tao sa pagsunod sa anumang binabasa at binibigkas sa kanila, subali't ang Allâh (ﷻ) ay pinawalan Niya ng bisa ang pambubuyo at panlilinlang ni '*Shaytân*' at pinatatag Niya ang mga talata ng mga malilinaw na katuruan. At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa anumang nangyari at mangyayari pa, na walang anumang naililihim sa Kanya, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pagtatakda at pag-uutos.

53. At hindi nangyari ang ganitong gawain ni '*Shaytân*' kundi upang gawin ng Allâh (ﷻ) na pagsubok sa mga yaong may pag-aalinlangan at may pagkukunwari sa kanilang mga puso, at sa mga yaong matitigas ang kanilang mga budhi na mga walang pananampalataya na walang anumang babala ang tumatalab sa kanila.

At katotohanan na ang mga masasama mula sa dalawang uri ng taong ito ay nasa matinding pakikipaglaban sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, at pagsalungat sa katotohanan na malayo sa anumang tamang paniniwala.

54. At dapat na mabatid ng mga may kaalaman na pinaghihiwalay nila sa pagitan ng kanilang kaalaman ang katotohanan sa kamalian, na walang pag-aalinlangang ang Dakilang Qur'ân ay tunay na ibinaba sa iyo mula sa Allâh (ﷻ), O Muhammad (ﷺ), na walang pag-aalinlangan sa mga nilalaman nito at walang kaparaanan para ito ay marating ni '*Shaytân*,' nang sa gayon ay madaragdagan sa pamamagitan nito ang kanilang paniniwala at magpasailalim dito ang kanilang mga puso. At katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Tagagabay ng mga yaong naniwala sa Kanya at sa Kanyang Sugo tungo sa Tama at Malinaw na Daan, na ito ay Islâm, na iniligtas sila sa pamamagitan nito mula sa pagkaligáw.

55. At patuloy ang mga walang pananampalataya at tumanggi sa katotohanan sa kanilang pag-aalinlangan sa anumang dala-dala mo sa kanila na Dakilang Qur'ân hanggang sa dumating sa kanila ang Oras ng pagkagunaw ng daigdig nang biglaan habang sila ay nasa kalagayan ng pagtanggi, o di kaya ay darating sa kanila ang kaparusahan sa Araw na wala silang anumang maaasahan na kabutihan, na ito ay Araw ng Muling Pagkabuhay.



56-57. Ang kapangyarihan at pangunguntrol sa Araw na yaon ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi, at Siya ang maghuhukom sa pagitan ng mga mananampalataya at walang pananampalataya.

Na kung kaya, ang mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at gumawa ng mga mababuting gawa, para sa kanila ang walang-hanggang kaligayahan sa mga hardin ng '*Al-Jannah*.' At ang mga yaong tinanggihan ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at pinasinungalingan ang Kanyang Sugo at tinanggihan ang mga talata ng Dakilang Qur'ân, para sa kanila ay masidhing kaparusahan na magpapahamak at magpapahiya sa kanila sa Impiyernong-Apoy.

58. At ang mga yaong nangibang-bayan bilang paghahangad ng pagmamahal ng Allâh (ﷻ) at pagtataguyod sa Kanyang '*Deen*,' pagkatapos ay namatay ang sinuman sa kanila habang siya ay nakikipaglaban sa mga walang pananampalataya at gayundin ang namatay sa kanila sa hindi labanan, ay walang pag-aalinlangang pagkakalooban sila ng Allâh (ﷻ) ng hardin sa '*Al-Jannah*' at ang anumang mga kaligayahan doon na walang katapusan at walang pagmamaliw. At walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ), Siya sa katotohanan ang '***Khayrur Râziqeen***' – Pinakamabuting Tagapagkaloob ng kabuhayan.

59. Walang pag-aalinlangan, papapasukin sila ng Allâh (ﷻ) sa lugar na kalugud-lugod sa kanila na ito ay ang '*Al-Jannah*,' at walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa sinumang naglakbay nang alang-alang sa Kanyang Daan at sa sinumang naglakbay sa paghahangad lamang ng makamundong buhay, na '***Haleem***' – Ganap at Napakalawak ang Kanyang Pang-unawa sa sinumang lumalabag sa Kanya na sila ay hindi Niya kaagad pinaparusahan.

60. Itong isinalaysay Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na pagpapapasok sa Hardin ng mga nangibang-bayan, at ang sinumang inapi at pinarusahan ay walang pag-aalinlangang pinahintulutan siya na gumanti sa sinumang umapi sa kanya na katulad

ng ginawa sa kanya, at wala siyang pananagutan hinggil dito, at kapag ginantihan siya at mas hinigitan pa ang ginawang pagpinsala sa kanya, walang pag-aalinlangang tutulungan siya ng Allâh (ﷻ); dahil hindi makatarungan na siya ay gantihan o apihin sapagka't kinukuha lamang niya ang kanyang karapatan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangang '***`Afouwun Ghafour***' – Ganap na Mahinahon at Ganap na Mapagpatawad dahil sa Kanyang pagiging Mapagpasensiya ay hindi Niya kaagad minamadali ang parusa ng sinumang nagkakasala at sila ay pinatatawad Niya sa kanilang mga kasalanan.

61. Itong batas na itinala sa inyo ay mga makatarungang batas na makatotohanan, na Siya ang Tagapagtangan ng Dakilang Kapangyarihan na ibinibigay Niya ito sa sinuman na Kanyang nais at kinukuha Niya ito sa sinuman na Kanyang nais, at kabilang sa Kanyang kapangyarihan ay idinaragdag Niya ang anumang nababawas na oras sa gabi sa mga oras sa araw, at ganoon din, idinaragdag Niya ang anumang nababawas na oras sa araw sa mga oras sa gabi.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee`***' – Ganap na Nakakarinig ng lahat ng mga tinig, na '***Baseer***' – Ganap na Nakakakita ng lahat ng mga pagkilos at walang anuman ang naililihim sa Kanya.

62. Sa kadahilanang ang Allâh (ﷻ) – Siya ay mananatiling katotohanan na walang sinuman ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya, at ang anumang sinasamba ng mga walang pananampalataya bukod sa Allâh ay pawang kamalian na hindi nakapagdudulot ng anumang kapakinabangan ni kapinsalaan.

Walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay '***Al-`Alee***' – ang Kataas-Taasan na nasa ilalim ng Kanyang pagtatangan ang lahat ng Kanyang nilikha at malayo sa anumang katulad o katambal, ang Kataas-Taasan na walang sinuman ang mas mataas kaysa sa Kanya, na '***Al-Kabeer***' – ang Pinakadakila na walang anumang makapapantay sa Kanya at walang sinuman ang mas dakila pa kaysa sa Kanya.

63. Hindi mo ba napagtanto, O Muhammad (ﷺ), na ang Allâh (ﷻ) ay Siya ang nagbaba mula sa kalangitan ng ulan, at sa pamamagitan nito ay naging luntian ang kalupaan sa pagsibol ng mga pananim mula rito? Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Lateef***' – Pinakadalubhasa, Kapita-Pitagan at Pinakamabuti na Ganap na Tagapangalaga sa Kanyang mga alipin dahil sa pinasisibol Niya ang mga pananim mula sa kalupaan sa pamamagitan ng tubig, na '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakababatid sa anuman na kanilang ikabubuti.

64. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan bilang Kanyang mga alipin na Siya ang Tagapaglikha, Tagapagmay-ari at Tagapangasiwa

nito, ang lahat ay nangangailangan ng Kanyang pangangasiwa at kagandahang-loob. At katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay '***Al-Ghanee***' – ang Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan na nagtataglay ng lahat-lahat na hindi nangangailangan ng kahit na anumang bagay, na '***Al-Hameed***' – ang Karapat-Dapat sa lahat ng papuri na Ganap na Pinupuri sa Kanyang mga katangian at sa Kanyang mga gawa sa lahat ng pagkakataon.

65. Hindi mo ba nakita na ang Allâh (ﷻ) na Kataas-Taasan ay sinanhi Niya para sa inyo na magpasailalim ang anumang nasa kalupaan na mga gumagapang, mga hayop, pananim, mga bunga, at iba pang mga bagay-bagay para inyong masakyan at ikabubuhay, at lahat ay para sa kapakinabangan ninyo, na katulad din ng paglagay Niya sa inyong pangunguntrol ang sasakyang-pandagat na lumalayag sa karagatan dahil sa Kanyang Kapangyarihan at Kagustuhan, na dinadala kayo kasama ang inyong mga dalahin tungo sa mga lugar na nais ninyong marating, at Siya rin ang kumukuntrol ng kalangitan, na ito ay Kanyang pinangangalagaan; upang ito ay hindi babagsak sa kalupaan na mawawasak at masisira ang anumang nasa ibabaw nito (kalupaan), maliban sa anumang ninais Niya na mangyari?



Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Raouf***' – Punung-Puno ng Kabutihan sa sangkatauhan, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila, sa pagsanhi Niya para sa kanila na magpasailalim ang mga bagay-bagay, na ito ay para sa kanila at sa iba pa.

66. At walang iba kundi ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagbigay ng buhay sa inyo na nilikha Niya kayo mula sa wala, at pagkatapos ay sasanhiin Niya na kayo ay mamatay kapag natapos na ang nakatakda ninyong buhay, at pagkatapos ay bubuhayin kayo na mag-uli sa Araw ng Muling Pagkabuhay upang hukuman kayo sa inyong mga gawain.

Katiyakan, ang tao ay matindi ang kanyang pagtanggi sa anumang ipinamalas na mga palatandaan na nagpapatunay sa Kapangyarihan at Kaisahan ng Allâh (ﷻ).

67. Sa bawa't sambayanan mula sa mga naunang sambayanan ay nagtala Kami ng batas at pamamaraan ng pagsamba na ipinag-utos Namin sa kanila at ito ay kanilang ipinatupad, na kung kaya, huwag mong hayaang makipagtalo sila sa iyo, O

Muhammad (ﷺ), na mga walang pananampalataya na mga Quraysh hinggil sa batas na ibinigay sa iyo, at sa anuman na ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa iyo na mga alituntunin at sa lahat ng mga uri ng pagsamba, kundi bagkus ay hikayatin mo sila tungo sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at taos-puso na dalisay na pagsamba lamang sa Kanya at pagsunod sa Kanyang kagustuhan.

Walang pag-aalinlangan, ikaw ay nasa Matuwid na '*Deen*' (o Relihiyon) na walang anumang kabaluktutan o kamalian sa loob nito.

68. At kapag sila ay nagpatuloy sa maling pakikipagtalo sa iyo, O Muhammad (ﷺ), sa paghikayat mo sa kanila ay huwag kang makipagtalo sa kanila, sa halip sabihin mo sa kanila: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ang Ganap na Nakaaalam sa anumang inyong ginagawa na di-paniniwala at pagtanggi*," sa kadahilanang sila ay mga mapagmatigas at mapagmataas.

69. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang maghuhukom sa pagitan ng mga Muslim at ng mga walang pananampalataya sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa anuman na kanilang pinagkasalungatan hinggil sa '*Deen*' (Relihiyon).

Dito sa talatang ito ang magandang pakikitungo sa pagsagot sa sinumang nakikipagtalo bilang pagmamatigas at pagmamataas.

70. Hindi mo ba batid, O Muhammad (ﷺ), na walang pag-aalinlangang ang Allâh (ﷻ) ang Nagmamay-ari ng ganap na kaalaman ng anumang nasa kalangitan at kalupaan, na katiyakang ito ay Kanyang itinala sa '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*?' Katiyakan, ang Kaalaman na ito ay napakadali lamang sa Allâh (ﷻ), dahil ang anumang bagay na nais Niya para sa Kanya ay napakadaling lahat.

71. At nagpumilit ang mga walang pananampalataya na mga Quraysh sa pagsamba ng iba bukod sa Allâh, kahit na malinaw pa ang kamalian na kanilang kinalalagyan na sila ay sumasamba ng mga diyus-diyusan, na walang anumang katibayan na ibinaba sa anumang Aklat na nagmula sa Allâh (ﷻ) na ang mga ito ay karapat-dapat na sambahin, at wala silang anumang kaalaman sa mga inimbento nilang ito at sila ay nagsinungaling laban sa Allâh (ﷻ); na kung kaya, ito ay gawain na sinunod lamang nila na kanilang kinagisnan sa kanilang mga ninuno na wala silang anumang katibayan.

At kapag dumating ang Araw ng Paghuhukom sa Kabilang-Buhay ay walang sinuman ang makatutulong sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh at walang sinuman ang makapagliligtas sa kanila mula sa masidhing kaparusahan.

72. At kapag binigkas ang mga malilinaw na mga talata ng Dakilang Qur'ân sa kanila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, ay nakikita mo ang galit at pagkunot ng kanilang mga noo! Halos handa na nilang lusubin nang may karahasan ang mga mananampalataya na siyang nag-aanyaya sa kanila tungo sa Allâh (ﷻ) na binibigkas sa kanila ang talata ng Allâh (ﷻ).

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Nais ba ninyong sabihin ko sa inyo ang mas matindi pa kaysa poot na inyong nararamdaman sa pagkarinig ninyo ng katotohanan at pagkakita ng mga nag-aanyaya tungo rito* (*sa katotohanan*)*? Ang Impiyernong-Apoy na inihanda ng Allâh* (ﷻ) *para sa mga walang pananampalataya sa Kabilang-Buhay na ito ang pinakamasama na kanilang patutunguhan*."

73. O sangkatauhan! Ang parabola ay ibinigay, na kung kaya, makinig kayo at intindihin ninyong maigi: Ang mga diyus-diyusan at ang mga sinasamba ninyo na iba bukod sa Allâh ay hindi man lamang makalilikha ng kahit na isang langaw kahit na sila pa ay magsama-samang lahat para sa ganitong layunin, samakatuwid, paano pa kaya sila makalilikha ng mas malaki pa kaysa rito?"

At kapag inagaw ng langaw ang anumang bagay sa kanila ay hindi sila magkakaroon ng anumang kakayahan na kuning muli ang anumang inagaw ng langaw sa kanila, kung gayon, mayroon pa bang hihigit dito na kahinaan at kawalan ng kakayahan. Samakatuwid, napakahina nilang pareho: ang humihingi at ang hinihingian, na ang tinutukoy na '*humihingi*' rito ay ang kanilang sinasamba bukod sa Allâh na sinisikap na mailigtas nito ang anumang inagaw ng langaw, at ang '*hinihingian*' na tinutukoy dito ay ang yaong langaw na nang-agaw, na kung kaya, paano mo ituturing ang mga diyus-diyusan na mga sinasamba kung ganito ito kawalan ng halaga at kahina.

74. Sila na mga sumasamba ng iba ay hindi nila iginalang ang Allâh (ﷻ) ng tamang paggalang sa Kanya, dahil sila ay nagsagawa ng mga katambal ng Allâh na kanilang sinamba, samantalang Siya ang '***Qawee***' – Pinakamalakas na naglikha ng lahat ng bagay, na '`***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi.

75-76. Ang Allâh (ﷻ) ay pumipili mula sa Kanyang mga anghel ng mga Sugo tungo sa Kanyang mga Propeta, at pumipili rin ng tao bilang Kanyang mga Sugo; upang iparating ang Kanyang mga mensahe tungo sa mga tao. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee***`' – Ganap na Nakakarinig sa mga sinasabi ng Kanyang mga Alipin, na '***Baseer***' – Ganap na Nakababatid sa lahat ng bagay at sa sinuman na Kanyang pinili para sa mensahe mula sa Kanyang mga nilikha. At Siya, luwalhati sa Kanya, ang

Nakaaalam sa anumang mangyayari sa Kanyang mga anghel at sa Kanyang mga Sugo bago Niya pa sila likhain, at alam Niya kung ano ang mangyayari pagkawala nila. At sa Allâh (ﷻ) lamang na Bukod-Tangi bumabalik ang lahat ng bagay.

77-78. O kayong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ), yumuko kayo at magpatirapa sa inyong pagsa-'*Salâh*,' at sambahin ninyo ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na Bukod-Tangi na walang katambal, at gumawa kayo ng mabuti upang kayo ay magtagumpay.

Magpunyagi kayo sa Daan ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa mga walang pananampalataya na kumakalaban sa Islâm, magpunyagi rin kayo laban sa mga masasama, maging sa inyong mga sarili at kay '*Shaytân*,' ng dakilang pagpupunyagi, taos-puso at dalisay ang inyong layunin na para lamang sa Allâh (ﷻ) na Napakadakila at Kataas-Taasan, na isinusuko ninyo ang inyong buong puso at pangangatawan sa Kanya, Siya ang pumili sa inyo upang taglayin ang '*Deen*' na ito.

At katiyakan, nagmagandang-loob Siya sa inyo noong ginawa Niya para sa inyo ang makatarungan at ganap na batas, na walang anumang pagmamalupit at pagpapahirap sa anumang ipinag-uutos at mga alituntunin nito, na di-tulad sa batas ng ilan sa mga nauna sa inyo: itong makataong '*Deen*' o Relihiyon na ito ang siyang Relihiyon ng inyong ama na si Ibrâhim (عليه السلام), na ang Allâh (ﷻ) ang nagpangalan sa inyo na mga Muslim noon pa man, na ito ay nasasaad sa mga naunang Kasulatan na mga ipinahayag, at gayundin sa Dakilang Qur'ân na ito, at walang pag-aalinlangan na natatangi kayo sa ganitong pagpili; upang maging testigo ang pinakahuli o nagtapos (nagselyado) ng mga Sugo na si Muhammad (ﷺ) na nagmula mismo sa inyo, na katiyakang naiparating niya sa inyo ang mensahe ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at kayo naman ay maging testigo laban sa mga naunang sambayanan, na katiyakan, ang kanilang mga Sugo ay naiparating sa kanila ang ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa inyo sa Kanyang Aklat.

Samakatuwid, dapat ninyong mabatid na ang parangal na ito ay bilang biyaya at kagandahang-loob sa inyo, na kung kaya, magpasalamat kayo at pangalagaan ninyo ang mga palatandaan ng '*Deen*' ng Allâh sa pamamagitan ng pagpapatupad ninyo ng '*Salâh*' sa kabuuan ng mga haligi at mga kondisyon nito, at ibigay ninyo ang obligadong '*Zakâh*' o kawanggawa, at magbalik-loob kayo sa Allâh (ﷻ) at sa Kanya lamang ninyo ipaubaya ang inyong mga sarili dahil Siya ang Pinakamabuting Tagapangalaga sa sinumang ipinauubaya niya ang kanyang sarili sa Kanya, at Pinakamabuting Tagapagtulong sa sinumang humihingi ng tulong sa Kanya.

سورة المؤمنون 23

XXIII – Sûrât Al-Mu`minûn

[**Kabanata Al-Mu`minûn** – Ang Mga Mananampalataya]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. Katiyakan, nagtagumpay ang mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo na sumusunod sa Kanyang batas.

2. Na ang kanilang mga katangian ay sila sa kanilang pagsasagawa ng ‘*Salâh*’ ay punung-puno ng pagkatakot, na ganap na dalisay sa kanilang mga kalooban at kapanatagan sa kanilang pagkatao.

3. At mga yaong iniiwasan nila ang lahat ng mga walang kabuluhan na salita at gawa.

4. At mga yaong nililinis nila ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga kayamanan sa pagpapatupad ng pagbibigay ng ‘*Zakâh*’ (o obligadong kawanggawa) ayon sa iba’t ibang uri nito.

5. At mga yaong inaalagaan nila ang kanilang mga pribadong bahagi ng katawan mula sa anumang ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) na katulad ng pangangalunya (pakikiapid) at lahat ng mahahalay na gawain.

6. Maliban sa kanilang mga asawa o di kaya ay sa kanilang mga alipin na kababaihan, dahil hindi ipinagbabawal sa kanila na makipagtalik sa kanila at pasayahin sila; dahil ang Allâh (ﷻ) ay ipinahintulot ito sa kanila.

7. Na kung kaya, sinuman ang maghahangad ng kaligayahan na hindi sa pamamagitan ng kanyang asawa at alipin na babae ay kabilang siya sa mga lumampas sa ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) tungo sa Kanyang ipinagbawal, at inilagay niya ang kanyang sarili sa kaparusahan ng Allâh at ng Kanyang poot.

8. At ang mga yaong inaalagaan nila ang anumang ipinagkatiwala sa kanila at tinutupad nila ang anumang kanilang pangako.

9. At ang mga yaong patuloy sa kanilang pagsasagawa ng '*Salâh*' sa mga oras na itinakda para rito at ayon sa tamang pamamaraan na itinuro ni Propeta Muhammad (ﷺ).

10. Sila ang mga mananampalataya na mamanahin nila ang '*Al-Jannah*' (Hardin).

11. Na siyang magmamana ng mga matataas na antas sa '*Al-Jannah*' at ang kalagitnaan nito, na sila ay mananatili roon na wala nang katapusan ang kanilang kaligayahan.

12. At katiyakan, nilikha Namin si Âdam (عليه السلام) mula sa luwad (putik) na nagmula sa lahat ng uri ng kalupaan.

13. Pagkatapos ay nilikha Namin ang kanyang lahi mula sa '*Nutfah*:' na mula sa semilya ng mga kalalakihan na lumalabas sa kanilang mga '*sulb*' (o mga gulugod) at ito ay nananatili sa ligtas na lugar sa mga sinapupunan ng mga kababaihan.

14. Pagkatapos ay ginawa Namin ang '*Nutfah*' na ''*Alaqah*' – na ito ay namuong dugo na kulay pula na malapot, pagkatapos ay ginawa Namin ang ''*Alaqah*' pagkalipas ng apatnapung araw na maging '*Mudhghah*' – namuong laman na ito ay kapirasong laman na kasingdami ng isang subo na parang may mga kagat sa tagiliran, pagkatapos ay ginawa Namin ang malambot na laman na ito na buto, at saka Namin dinamitan ang butong ito ng laman, pagkatapos ginawa Namin ito na isang panibagong nilikha sa pamamagitan ng pag-ihip sa kanya ng kanyang kaluluwa. Samakatuwid, luwalhati sa Allâh (ﷻ), na Siya ang '***Ahsanul Khâliqeen***' – ang Pinakamagaling at Pinakaganap sa paglikha ng lahat ng bagay.

15. Pagkatapos, katiyakan, kayo na mga tao, pagkalipas ng iba't ibang yugto ng buhay ay magtatapos ang inyong buhay na kayo ay mamamatay.

16. Pagkatapos, pagkalipas ng kamatayan at pagwawakas ng mundo ay bubuhaying kayong mag-uli sa Araw ng Muling Pagkabuhay na kayo ay babangon mula sa inyong mga libingan para sa paghuhukom at pagbabayad.

17. Katiyakan, nilikha Namin sa ibabaw ninyo ang pitong mga kalangitan na magkakapatung-patong, at Kami, kailanman ay hindi Namin nakaligtaan ang lahat ng nilikha, na kung kaya, wala Kaming makakalimutan sa anumang nilikha.


وَأَنزَلْنَا مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءًۢ بِقَدَرٍ فَأَسْكَنَّٰهُ فِى ٱلْأَرْضِ ۖ وَإِنَّا عَلَىٰ ذَهَابٍۭ
بِهِۦ لَقَٰدِرُونَ ﴿١٨﴾ فَأَنشَأْنَا لَكُم بِهِۦ جَنَّٰتٍ مِّن نَّخِيلٍ وَأَعْنَٰبٍ
لَّكُمْ فِيهَا فَوَٰكِهُ كَثِيرَةٌ وَمِنْهَا تَأْكُلُونَ ﴿١٩﴾ وَشَجَرَةً تَخْرُجُ مِن
طُورِ سَيْنَآءَ تَنۢبُتُ بِٱلدُّهْنِ وَصِبْغٍ لِّلْءَاكِلِينَ ﴿٢٠﴾ وَإِنَّ لَكُمْ فِى
ٱلْأَنْعَٰمِ لَعِبْرَةً ۖ نُّسْقِيكُم مِّمَّا فِى بُطُونِهَا وَلَكُمْ فِيهَا مَنَٰفِعُ كَثِيرَةٌ
وَمِنْهَا تَأْكُلُونَ ﴿٢١﴾ وَعَلَيْهَا وَعَلَى ٱلْفُلْكِ تُحْمَلُونَ ﴿٢٢﴾ وَلَقَدْ
أَرْسَلْنَا نُوحًا إِلَىٰ قَوْمِهِۦ فَقَالَ يَٰقَوْمِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ
غَيْرُهُۥٓ ۖ أَفَلَا تَتَّقُونَ ﴿٢٣﴾ فَقَالَ ٱلْمَلَؤُا۟ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِن قَوْمِهِۦ مَا هَٰذَآ
إِلَّا بَشَرٌ مِّثْلُكُمْ يُرِيدُ أَن يَتَفَضَّلَ عَلَيْكُمْ ۚ وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ لَأَنزَلَ
مَلَٰٓئِكَةً مَّا سَمِعْنَا بِهَٰذَا فِىٓ ءَابَآئِنَا ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٢٤﴾ إِنْ هُوَ إِلَّا
رَجُلٌۢ بِهِۦ جِنَّةٌ فَتَرَبَّصُوا۟ بِهِۦ حَتَّىٰ حِينٍ ﴿٢٥﴾ قَالَ رَبِّ ٱنصُرْنِى
بِمَا كَذَّبُونِ ﴿٢٦﴾ فَأَوْحَيْنَآ إِلَيْهِ أَنِ ٱصْنَعِ ٱلْفُلْكَ بِأَعْيُنِنَا
وَوَحْيِنَا فَإِذَا جَآءَ أَمْرُنَا وَفَارَ ٱلتَّنُّورُ فَٱسْلُكْ فِيهَا مِن
كُلٍّ زَوْجَيْنِ ٱثْنَيْنِ وَأَهْلَكَ إِلَّا مَن سَبَقَ عَلَيْهِ ٱلْقَوْلُ
مِنْهُمْ ۖ وَلَا تُخَٰطِبْنِى فِى ٱلَّذِينَ ظَلَمُوٓا۟ ۖ إِنَّهُم مُّغْرَقُونَ ﴿٢٧﴾

18. At ibinaba Namin mula sa kalangitan ang tubig ayon sa kung ano ang pangangailangan ng mga nilikha, at gumawa Kami sa kalupaan ng pagpapanatilihan nito, at walang pag-aalinlangan, Kami ang Ganap na Makapangyarihan na kaya Naming alisin ang tubig sa pinagpanatilihan nito.

Dito sa talatang ito ang babala at pagbabanta sa mga masasama.

19. At ginawa Namin sa pamamagitan ng tubig na ito ang mga hardin, ang mga puno ng palmera ng datiles at saka mga ubas, at para sa inyo rito sa mga hardin na ito ang iba't ibang uri ng prutas, na mula rito kayo ay kumakain.

20. At ginawa Namin para sa inyo ang puno ng oliba na ito ay sumisibol sa lugar na nakapalibot sa bundok ng Sinai na nagmumula rito ang langis na ginagamit ninyo sa inyong katawan, saka panluto at pagkain na kaibig-ibig sa inyong panlasa.

21. At katiyakan, para sa inyo, O kayong mga tao, ang aral na napakikinabangan ninyo mula sa paglikha ng kamelyo, baka at kambing, na ipinagkaloob Namin sa inyo mula sa mga tiyan nito ang gatas na iniinom ninyo, at mayroon pa kayong iba pang maraming kapakinabangan na nagmumula rito, na katulad ng balahibo at balat at iba pa na katulad nito, at nagmumula rin dito ang inyong mga kinakain at ikinabubuhay.

22. At sa mga ito, at sa mga sasakyang-pandagat kayo ay sumasakay sa kapatagan at karagatan.

23. At katiyakan, ipinadala Namin si Nûh (عليه السلام) tungo sa kanyang sambayanan upang sila ay hikayatin sa Kaisahan ng Allâh (سبحانه وتعالى) at kanyang sinabi sa kanila: "*O aking sambayanan! Sambahin ninyo ang Allâh* (سبحانه وتعالى) *nang bukod-tangi*, *na wala kayong* '*ilâh*' *na karapat-dapat sambahin bukod sa Kanya*, *kung gayon*, *hindi ba kayo natatakot sa Kanyang kaparusahan?*"

24-25. Tinanggihan siya ng mga matataas mula sa kanyang sambayanan, at kanilang sinabi sa mga tao: "*Katiyakan*, *siya ay tao lamang na katulad ninyo*, *wala siyang katangian na anuman na nakahihigit sa inyo*, *at wala siyang hangarin sa kanyang sinasabi kundi upang siya ay maging pinuno at magiging katangi-tangi sa inyo. Kung ninais ng Allâh na magpadala sa atin ng Sugo ay magpapadala Siya mula sa mga anghel*, *at wala kaming narinig na katulad niya sa nauna nating mga ninuno at mga matatanda. Na kung kaya*, *si Nûh ay isang tao na sinapian ng pagkabaliw*, *na kung kaya*, *abangan ninyo muna ang kanyang katinuan*, *at itigil ang kanyang paghihikayat*, *o di kaya siya ay mamatay at wala na kayong puproblemahin pa sa kanya.*"

26. Sinabi ni Nûh: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *tulungan Mo ako laban sa aking sambayanan*; *dahil sa kanilang pagpapasinungaling sa akin sa pagpaparating ko ng Iyong mensahe.*"

27. Na kung kaya, ipinahayag Namin sa kanya ang utos na siya ay gumawa ng malaking sasakyang-pandagat sa ilalim ng Aming pagmamasid at Rebelasyon, na ang ibig sabihin: "*Batay sa Aming ipinag-utos sa iyo at pagtulong sa iyo*, *at ikaw ay nasa ilalim ng Aming pangangalaga*." At dito sa talatang ito ang patunay sa katangian ng Allâh (ﷻ) na Siya ay mayroong mata na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan nang walang '*tasbeeh*' (nang walang paghahambing) at walang '*takyeef*' (na hindi tinatanong ang pagiging paano nito kundi ito ay batay lamang sa Kanyang Kamaharlikaan).

Na kung kaya, kapag dumating ang Aming utos na parusahan ang iyong sambayanan ng pagkalunod at magsimula na ang delubyo na bubulwak ang tubig mula sa '*tannur*' (o pugon), ay isakay mo na sa Arka ang lahat ng may buhay na magkakaparis na lalaki at babae; upang manatili ang mga lahi nito, at isakay mo rin ang iyong pamilya maliban sa sinumang karapat-dapat sa parusa dahil sa kanyang di-paniniwala na tulad ng iyong asawa at iyong anak, at huwag mo nang hilingin pa sa Akin na mailigtas ang iyong masasamang sambayanan dahil katiyakan na walang pag-aalinlangang sila ay malulunod.



28. At kapag ikaw ay nakasakay na sa Arka, ikaw at ang sinumang kasama mo na ligtas na sa pagkalunod ay sabihin mo: "*Ang papuri at pasasalamat ay sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang nagligtas sa amin mula sa mga taong walang pananampalataya.*"

29. At sabihin mo: "*Aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Sanhiin Mo na lumapag* (*o dumaong*) *ako sa mabiyaya at ligtas na paglalapagang-lugar dahil sa Ikaw ang* '***Khayrul Munzileen***' – *Pinakamabuti na nagpapalapag* (*o nagpapadaong sa kalupaan*."

At nandirito ang katuruan mula sa Allâh (ﷻ) para sa Kanyang mga alipin sa kung ano ang sasabihin kapag siya ay bababa o tutungo sa anumang lugar.

30. Katiyakan, sa pagligtas sa mga mananampalataya at pagwasak sa mga walang pananampalataya ay malilinaw na mga palatandaan na nagpapatunay sa pagiging totoo ng mga Sugo ng Allâh sa anuman na kanilang dala-dala mula sa Allâh (ﷻ), at katotohanan na sinusubok Namin ang mga sambayanan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga Sugo sa kanila bago isagawa ang pagpaparusa sa kanila na mga tatanggi.

31. Pagkatapos ay naglikha Kami pagkalipas ng sambayanan ni Nûh ng panibagong henerasyon, na ito ay sambayanan ni `Âd.

32. At nagpadala Kami sa kanila ng Sugo na nagmula sa kanila na siya ay si Hûd (عليه السلام) at kanyang sinabi sa kanila: "*Sambahin ninyo ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi dahil wala kayong* '*ilâh*' (*diyos na sinasamba*) *na may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya*, *kung gayon*, *hindi ba kayo natatakot sa Kanyang kaparusahan kapag kayo ay sumamba ng iba bukod sa Kanya?*"

33. At sinabi ng mga matataas at mga namumuno mula sa kanyang sambayanan na mga hindi naniniwala sa Allâh, at tinanggihan ang pakikipagharap sa Allâh (ﷻ) sa Kabilang-Buhay, na ang nagligaw sa kanila ay ang biyayang natamasa nila rito sa

daigdig na marangyang pamumuhay: "*Siya na naghikayat sa inyo tungo sa Kaisahan ng Allâh ay hindi hihigit kaysa sa isang tao na katulad din ninyo na kumakain ng mga kinakain ninyo at umiinom ng mga iniinom ninyo.*

34. "*At kapag sumunod kayo sa kanya na isa ring tao na katulad ninyo*, *samakatuwid*, *ay magiging talunan kayo sa pagtalikod ninyo sa inyong diyus-diyusan at pagsunod ninyo sa kanya.*

35. "*Paano kayo naniniwala sa anuman na kanyang ipinangako na kapag kayo ay namatay*, *na naging alabok na at ang inyong mga buto ay nagkandadurog na*, *kayo ay bubuhayin na mag-uli mula sa inyong mga libingan?*

36. "*Tunay na malayo ang kanyang ipinangako sa inyo*, *O kayong mga tao, na pagkatapos ng inyong kamatayan ay bubuhayin kayo na mag-uli mula sa inyong mga libingan*."

37. "*Ang buhay natin ay hindi hihigit sa kung ano ang buhay lamang natin dito sa daigdig*, *at namamatay ang mga magulang mula sa atin at habang buhay naman ang mga anak*, *at kailanman ay hindi na tayo mababuhay pang mag-uli*.

38. "*At siya na naghikayat sa inyo tungo sa paniniwala ay isang tao lamang na nag-iimbento ng kasinungalingan laban sa Allâh*, *at kailanman ay hindi kami maniniwala sa kanyang sinasabi sa amin.*"

39. Nanalangin ang Sugo na ipinadala sa kanila sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha na kanyang sinabi: "*O aking* '*Rabb!*' *Tulungan Mo ako laban sa kanila dahil sa kanilang pagtanggi at pagpapasinungaling sa akin*."

40. At sinabi ng Allâh (ﷻ) bilang pagtugon sa kanyang panalangin: "*Hindi maglalaon ay katiyakang magsisisi sila*," na ang ibig sabihin: "*Ilang panahon lamang ang lilipas sa mga nagpasinungaling ay magsisipagsisi rin.*"

41. At hindi tumagal ay dumating sa kanila ang nakabibinging ingay na may kasamang malakas na hangin, na sa pamamagitan nito ay pinuksa sila ng Allâh (ﷻ) at namatay silang lahat, at sila ay nakahandusay na katulad ng mga basurang patay na mga halaman, na kung kaya, kasumpa-sumpa sa kanila na mga masasama na malayo mula sa Awa ng Allâh, samakatuwid, mag-ingat ang sinumang nakarinig nito na tanggihan ang Sugo na ipinadala ng Allâh (ﷻ) dahil mangyayari sa kanila ang katulad ng mga nangyari sa nauna sa kanila.

42. Pagkatapos ay naglikha Kami pagkalipas nila na mga tumanggi ng maraming nasyon na mga tao na katulad ng sambayanan nina Lût, Shu`ayb, Ayyûb at Yûnus.



مَا تَسْبِقُ مِنْ أُمَّةٍ أَجَلَهَا وَمَا يَسْتَـْٔخِرُونَ ﴿٤٣﴾ ثُمَّ أَرْسَلْنَا رُسُلَنَا تَتْرَا
كُلَّ مَا جَآءَ أُمَّةً رَّسُولُهَا كَذَّبُوهُ فَأَتْبَعْنَا بَعْضَهُم بَعْضًا وَجَعَلْنَٰهُمْ
أَحَادِيثَ فَبُعْدًا لِّقَوْمٍ لَّا يُؤْمِنُونَ ﴿٤٤﴾ ثُمَّ أَرْسَلْنَا مُوسَىٰ وَأَخَاهُ
هَٰرُونَ بِـَٔايَٰتِنَا وَسُلْطَٰنٍ مُّبِينٍ ﴿٤٥﴾ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ وَمَلَإِيْهِۦ
فَٱسْتَكْبَرُوا۟ وَكَانُوا۟ قَوْمًا عَالِينَ ﴿٤٦﴾ فَقَالُوٓا۟ أَنُؤْمِنُ لِبَشَرَيْنِ مِثْلِنَا
وَقَوْمُهُمَا لَنَا عَٰبِدُونَ ﴿٤٧﴾ فَكَذَّبُوهُمَا فَكَانُوا۟ مِنَ ٱلْمُهْلَكِينَ
﴿٤٨﴾ وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ لَعَلَّهُمْ يَهْتَدُونَ ﴿٤٩﴾ وَجَعَلْنَا
ٱبْنَ مَرْيَمَ وَأُمَّهُۥٓ ءَايَةً وَءَاوَيْنَٰهُمَآ إِلَىٰ رَبْوَةٍ ذَاتِ قَرَارٍ وَمَعِينٍ
﴿٥٠﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلرُّسُلُ كُلُوا۟ مِنَ ٱلطَّيِّبَٰتِ وَٱعْمَلُوا۟ صَٰلِحًا إِنِّى بِمَا
تَعْمَلُونَ عَلِيمٌ ﴿٥١﴾ وَإِنَّ هَٰذِهِۦٓ أُمَّتُكُمْ أُمَّةً وَٰحِدَةً وَأَنَا۠ رَبُّكُمْ
فَٱتَّقُونِ ﴿٥٢﴾ فَتَقَطَّعُوٓا۟ أَمْرَهُم بَيْنَهُمْ زُبُرًا كُلُّ حِزْبٍۭ بِمَا لَدَيْهِمْ
فَرِحُونَ ﴿٥٣﴾ فَذَرْهُمْ فِى غَمْرَتِهِمْ حَتَّىٰ حِينٍ ﴿٥٤﴾ أَيَحْسَبُونَ أَنَّمَا
نُمِدُّهُم بِهِۦ مِن مَّالٍ وَبَنِينَ ﴿٥٥﴾ نُسَارِعُ لَهُمْ فِى ٱلْخَيْرَٰتِ ۚ بَل لَّا يَشْعُرُونَ
﴿٥٦﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ هُم مِّنْ خَشْيَةِ رَبِّهِم مُّشْفِقُونَ ﴿٥٧﴾ وَٱلَّذِينَ هُم
بِـَٔايَٰتِ رَبِّهِمْ يُؤْمِنُونَ ﴿٥٨﴾ وَٱلَّذِينَ هُم بِرَبِّهِمْ لَا يُشْرِكُونَ ﴿٥٩﴾

43. Hindi mapauusad ang itinakdang panahon na pagkawasak mula sa mga sambayanan na ito na mga walang pananampalataya at hindi rin maaantala.

44. Pagkatapos, nagpadala Kami ng Aming mga Sugo nang magkakasunud tungo sa iba't ibang sambayanan, na sa tuwing hihikayatin ng Sugo ang kanyang sambayanan ay kanila itong pinasisinungalingan, na kung kaya, pinuksa Namin sila nang sunud-sunod, at walang natira sa kanila kundi kuwento na lamang ng kanilang pagkawasak, at ito ay ginawa Namin bilang mga kuwento para sa mga sambayanan na sumunod sa kanila upang makakuha sila rito ng aral, na kung kaya, pagkawasak at paglayo mula sa Awa ng Allâh sa sinumang sambayanan na hindi naniwala sa mga Sugo at hindi sumunod sa kanila.

45-46. Pagkatapos, ipinadala Namin si Mousã (عليه السلام) at ang kanyang kapatid na si Hâroun (عليه السلام) na dala-dala nila ang Aming siyam na mga palatandaan na ang mga ito ay: ang tungkod, ang kamay, ang mga tipaklong, ang mga kuto, mga palaka, ang dugo, ang matinding baha, tagtuyot at pagkawala ng mga bunga (taggutom) – ito ay malilinaw na katibayan na nagpapalambot ng puso at pinapasok nito o tumatagos ito sa mga puso ng mga mananampalataya, at naging katibayan (naman) sa mga nagmatigas. Ipinadala Namin silang dalawa tungo kay Fir`âwn na namumuno sa Ehipto at sa mga matataas mula sa kanyang sambayanan, subali't nagmataas sila at tinanggihan ang paniniwala kay Mousã (عليه السلام) at sa kanyang kapatid, at sila ay sambayanan na nagmataas sa mga tao at mga masasama na malulupit sa kanila.

47. Kanilang sinabi: "*Maniniwala ba kami sa dalawang ito na katulad din naming tao na nagmula sa mga angkan ni Isrâ`il na nasa ilalim ng aming pamumuno na sumusunod at nagpapakumbaba lamang sa amin?*"

48. Na kung kaya, pinasinungalingan nila silang dalawa at tinanggihan nila ang dala-dalang mensahe, samakatuwid, sila ay naging kabilang sa mga winasak sa pamamagitan ng pagkalunod sa karagatan.

49. At katiyakan, ipinagkaloob Namin kay Mousã (عليه السلام) ang '*Tawrah*,' upang gabayan niya ang kanyang sambayanan sa pamamagitan nito tungo sa katotohanan.

50. At ginawa Namin si `Îsã (Hesus عليه السلام) na anak ni Maryam (Maria) at ang kanyang ina na katibayan sa Aming kapangyarihan dahil siya ay nilikha Namin nang walang ama, at ginawan Namin silang dalawa ng tirahan na nasa mataas na lugar na kalupaang patag bilang kanilang pagpapanatilihan at pahingahan, na ito ay matabang kalupaan na may tubig na umaagos na namamalas at kaiga-igaya sa mga mata.

51. O kayong mga Sugo! Kumain kayo mula sa Aming mga ipinagkaloob na mga malilinis at gumawa kayo ng mga mababuting gawa dahil Ako ay walang pag-aalinlangang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa anuman na inyong ginagawa at walang anuman ang naililihim sa Akin sa inyong mga gawain.

Ang pananalita sa talatang ito ay para sa lahat ng mga Sugo at sa kanilang mga tagasunod, at nasa talata ring ito ang katibayan na ang ipinahintulot na pagkain ay bilang tulong upang magsagawa ang tao ng mabuting gawa subali't ang kahihinatnan ng pagkain ng mga hindi ipinahintulot ay matindi, kabilang dito ay ang hindi pagtanggap ng kanyang panalangin.

52. At walang pag-aalinlangan, ang inyong '*Deen*' (o Relihiyon), O kayong mga Propeta ay iisang '*Deen*' lamang, na Ako ang Allâh (سبحانه وتعالى) ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na kung kaya, matakot kayo sa Akin sa pamamagitan ng pagsunod sa Aking mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Aking mga ipinagbabawal.

53. Pagkatapos noon ay nagkawatak-watak ang mga sumusunod sa Relihiyon na ito ng iba't ibang grupo, pinarami nila ang kanilang Relihiyon pagkatapos silang utusan na magkaisa, at bawa't grupo sa kanila ay nasisiyahan sa kanyang pananaw na inaangkin na siya ay nasa tama at ang iba naman ay nasa kamalian. At dito ay babala sa paghihiwa-hiwalay at pagkakawatak-watak sa Relihiyon.

54. Na kung kaya, pabayaan mo sila, O Muhammad (ﷺ), sa kanilang pagkaligaw at kamangmangan sa katotohanan, hanggang sa bumaba sa kanila ang kaparusahan.

55-56. Iniisip ba nila na mga walang pananampalataya na ang anumang ipinagkaloob Namin sa kanila na mga kayamanan at mga anak dito sa daigdig, ay bilang pagkakaloob sa kanila ng maagang kabutihan na karapat-dapat sa kanila? Hindi ang

kanilang pag-aakala ang katotohanan! Kundi walang pag-aalinlangan, pinaaga Namin sa kanila ang kabutihan bilang pagsubok sa kanila at pagpapaluwag bilang dahan-dahang pagpaparusa sa kanila, subali't ito ay hindi nila namamalayan.

57. Katiyakan, ang mga yaong natatakot sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na sila ay natatakot at nangangamba sa anumang ipinapanakot sa kanila ng Allâh (ﷻ).

58. At ang mga yaong naniniwala sa mga talata ng Allâh (ﷻ) sa Dakilang Qur'ân, at ito ay kanilang isinasagawa.

59. At ang mga yaong taos-puso at dalisay ang kanilang pagsamba sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at hindi sila sumasamba ng iba bukod sa Kanya.



60. At ang mga yaong nagsusumikap sa pagsagawa ng mabuti, at ang kanilang mga puso ay nangangamba na baka hindi tatanggapin sa kanila ang kanilang mga gawain, at baka hindi sila maligtas sa kaparusahan ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha kapag sila ay nagbalik sa Kanya para sa paghuhukom.

61. Sila na nagsusumikap sa pagsunod, na naging kaugalian nila ang mabilisang pagtungo sa pagsagawa ng anumang kabutihan at sila ay nag-uunahan sa pagsagawa ng mga kabutihan.

62. At hindi Namin iuutos sa sinumang alipin Namin maliban sa kung ano lamang ang kanyang kakayahan na gawin, at ang kanilang mga gawain ay nakatala sa Amin sa Aklat ng Talaan, na ito ay talaan ng mga gawain na itinataas (iniaakyat) sa Amin ng mga anghel na nagsasabi ng katotohanan hinggil sa kanila, at walang sinuman ang aapihin at dadayain sa kanila.

63. Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan, kundi ang puso nila na mga walang pananampalataya ay nasa pagkaligaw na ito ang nagtakip sa kanila upang hindi nila maunawaan ang Dakilang Qur'ân at ang anumang nilalaman nito, at maliban sa pagsamba nila ng iba bukod sa Allâh ay gumagawa pa sila ng mga masasamang gawain, subali't pinagbibigyan pa rin sila ng Allâh (ﷻ) sa kanilang ginagawa, at nang sa gayon ay maging makatarungan ang pagpapasakanila ng poot at kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

64. Hanggang sa kapag pinuksa Namin sila na mga nagpakasaya na mamuhay nang maluhong pamumuhay at mga nagmataas hinggil sa Aming ibinababalang parusa, ay itataas nila ang kanilang mga boses na nagsusumamo na humihingi ng saklolo.

65. At doon ay sasabihin sa kanila: Huwag kayong sumigaw at huwag na kayong humingi ng saklolo ngayon, dahil walang pag-aalinlangan, wala na kayong magagawang tulong sa inyong sarili, at walang sinuman ang tutulong sa inyo upang iligtas kayo mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

66. Katiyakan, noon ay binibigkas sa inyo ang mga talata ng Dakilang Qur'ân; upang ito ay inyong paniwalaan, subali't tinanggihan ninyo ang pakikinig at paniniwala rito, at isinasagawa ito na tulad ng ginagawa ng isang umaatras nang patalikod upang siya ay makabalik sa kanyang pinanggalingan.

67. Ito ay inyong ginagawa na nagmamataas kayo sa mga tao nang wala sa katwiran dahil sa naninirahan kayo sa '*Baytullâhil Haram*' na sagradong lugar, na inyong sinasabi: "*Kami ang tagapangalaga ng Ka`bah*, *na kung kaya*, *hindi kami magagapi*," habang kayo ay gumagala-gala sa paligid nito na nagsasabi ng masasamang salita.

68. Hindi ba nila pinag-isipang maigi ang hinggil sa Dakilang Qur'ân upang malaman nila ang pagiging totoo nito o di kaya ang nagpigil ba sa kanila sa paniniwala ay dahil sa ang dumating sa kanila ay Sugo at Aklat na hindi dumating ang katulad nito sa kanilang mga ninuno, na kung kaya, ito ay kanilang tinanggihan at tinalikuran?

69. O di kaya ang nagpigil ba sa kanila na sumunod sa katotohanan ay dahil sa ang Sugo na ipinadala sa kanila na si Muhammad (ﷺ) ay hindi nila kilala, na kung kaya, tinatanggihan nila?

70. O kanilang sinasabi na siya ay nasisiraan? Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan, kundi sila ay walang pananampalataya; dahil ang dala-dala niya sa kanila ay ang Dakilang Qur'ân, ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at ang Tunay na Relihiyon, subali't karamihan sa kanila ay kinamumuhian ang katotohanan bilang panibugho at pagiging sukdulang kasamaan.

71. At kung ang batas ng Allâh (ﷻ) na itinalaga ay sang-ayon sa kanilang kagustuhan o pagnanasa ay mawawasak ang mga kalangitan at kalupaan at kung ano man ang mga nakapaloob dito, bagkus ang ipinagkaloob Namin sa kanila na batas ay nandoroon ang kanilang kapurihan at karangalan, na ito ay ang Dakilang Qur'ân, subali't ito ay kanilang tinalikuran.

72. O di kaya ang nagpigil ba sa kanila na maniwala ay dahil sa ikaw, O Muhammad (ﷺ), ay sumisingil ng bayad bilang kapalit ng paghikayat mo sa kanila at ayaw nilang magbigay? Subali't ito ay hindi mo ginawa, dahil ang anumang gantimpala na nasa Allâh (ﷻ) at mabuting pagkakaloob ay mas nakahihigit, dahil Siya ang '***Khayrul Râziqeen***' – ang Pinakamabuting Tagapagkaloob ng biyaya, at hindi makakayanan ng sinuman na magkaloob ng biyaya na katulad ng pagkakaloob ng biyaya ng Allâh (ﷻ).

73. At walang pag-aalinlangan, anyayahan mo, O Muhammad (ﷺ), ang iyong sambayanan at ang iba pa tungo sa Matuwid na Landas na ito ay ang Islâm.

74. At walang pag-aalinlangan, ang mga hindi naniniwala sa pagkabuhay na mag-uli at paghuhukom, ay hindi sila gagawa para rito sa pamamagitan ng pagsunod sa Matuwid na Landas dahil sa ang kanilang sinusunod ay ibang relihiyon.



75. At bagama't kinaawaan Namin sila at inalis ang anumang kapighatian na nasa kanila na tagtuyot at taggutom ay nagpatuloy pa rin sila sa kanilang pagtanggi at pagmamatigas, na sila sa kanilang pagtanggi ay katulad ng gumagala-gala na bulag na wala sa tiyak na katinuan.

76. At katotohanan, sinubok Namin sila ng iba't ibang sakuna at parusa subali't hindi pa rin sila sumuko at nagpakumbaba sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at hindi pa rin sila sa Kanya nananalangin na may pagkatakot habang ang mga sakuna at parusang ito ay nangyayari sa kanila.

77. Hanggang, sa kapag binuksan Namin para sa kanila ang pintuan ng matinding kaparusahan sa Kabilang-Buhay, na kung kaya, pagmasdan! Malulublob sila sa pagkawasak na labis na nanghihinayang, nagdadalamhati at kawalan ng pag-asa, na litung-lito na di-batid kung ano ang gagawin.

78. Walang iba kundi Siya, ang Allâh (ﷻ) na lumikha para sa inyo ng pandinig upang maintindihan ang anumang naririnig, at paningin upang maintindihan ang anumang nakikita, at ang mga puso upang ipang-unawa, samantalang ang inyong pagpapasalamat sa magkakasunod na mga biyayang ito sa inyo ay sadyang kakaunti lamang na halos hindi nababanggit.

79. At walang iba kundi Siya ang lumikha ng lahat ng tao rito sa kalupaan, at sa Kanya kayo titipuning lahat pagkatapos ng inyong kamatayan at gagantihan kayo sa anuman na inyong ginawa mabuti man o masama.

80. At walang iba kundi Siya ang bukod-tangi na nagbibigay ng buhay mula sa wala at nagsasanhi ng kamatayan pagkatapos mabuhay, at sa Kanyang pag-aatas ang pagpapalit ng gabi at araw, at ang pag-iiba't iba nito (ang pagiging mahaba ng gabi sa araw at ang kabaligtaran nito), kung gayon, hindi ba ninyo naiisip ang Kanyang pagiging Ganap na Makapangyarihan at Kanyang Kaisahan?

81. Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan, kundi ang mga walang pananampalataya ay hindi naniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli, sa halip ay ginagaya lamang nila kung ano ang sinasabi ng mga nauna sa kanila.

82. Kanilang sinabi: "*Kapag kami ay namatay na at kumalat na ang aming katawan*, *at ang aming mga buto ay humalo na sa alikabok ng kalupaan ay mabubuhay pa ba kaming muli. Ito ay hindi maaaring mangyari at hindi katangga-tanggap sa kaisipan?*

83. "*Katotohanan*, *sinabi na ang ganitong salita sa aming mga ninuno noon na tulad ng sinasabi mo ngayon sa amin*, *O Muhammad* (ﷺ), *subali't hindi namin nakitang nagkatotoo*, *na kung kaya*, *ito ay mga kabulaanan lamang na sinasabi ng mga naunang tao.*"

84. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Sino ang nagmamay-ari ng kalupaan at ang mga nilalaman nito? Kung kayo ay may kaalaman!*"

85. Katiyakan, na aaminin nila na ito ay pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ), na Siya ang Lumikha nito at Nagmamay-ari, sabihin mo sa kanila: "*Hindi ba kayo nagkaroon kung gayon ng kabatiran dahil sa pag-aming ito*, *na Siya ang May Kakayahan sa pagbuhay na mag-uli*, *sa pagbangon ng mga patay mula sa libingan?*"

86. Sabihin mo sa kanila: "*Sino ang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng mga pitong kalangitan*, *at ang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng Dakilang* '`*Arsh*,' *na ito ang pinakadakila at pinakamataas sa lahat ng mga nilikha?*"

87. Walang pag-aalinlangan na tiyak na sasabihin nila: "*Ang Allâh* (ﷻ)," kung gayon sabihin mo sa kanila: "*Hindi ba kayo natatakot sa Kanyang kaparusahan kapag kayo ay sumamba ng iba bukod sa Kanya?*"

88. Sabihin mo sa kanila: "*Nasa kaninong Kamay ang pag-aatas ng lahat ng bagay at kanino nagmumula ang lahat ng kabuhayan? At Siya ang Tagapangalaga ng sinumang humihingi ng kalinga*, *at walang magiging tagapagtanggol ang sinumang nais Niyang wawasakin*, *at hindi mailalayo ninuman ang anumang masama na itinakda ng Allâh* (ﷻ), *kung ito ay batid lamang ninyo?*"

89. Katiyakan, tutugon sila at kanilang sasabihin: "*Walang pag-aalinlangan*, *ang lahat ng ito ay pagmamay-ari ng Allâh* (ﷻ)," sabihin mo sa kanila: "*Kung gayon*, *paano kayo nawala sa sarili ninyong katinuan*, *at nalinlang na napalayo kayo sa pagtuon sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at pagsunod sa Kanya*, *at sa paniniwala sa Muling Pagkabuhay at sa pagbangon ng mga patay mula sa libingan.*"



90. Katiyakan na ganoon ang kanilang itutugon, dahil dala Namin sa kanila na mga walang pananampalataya ang buong katotohanan hinggil sa kung ano ang dahilan ng pagkasugo Namin kay Muhammad (ﷺ), samantalang sila ay tumanggi sa kadahilanang sumamba sila ng iba bukod sa Allâh at pinasinungalingan ang Pagkabuhay na Mag-uli.

91. Hindi nagkaroon ang Allâh (ﷻ) ng sariling anak, at walang sinumang diyos na sinasamba bukod sa Kanya; dahil walang pag-aalinlangan, kung maraming diyos na nararapat sambahin, ang bawa't isa sa kanila ay ibubukod ang anuman na kanyang nilikha, at mangyayari ang paglalaban-laban sa pagitan nila na tulad ng mga naglalaban-laban na mga namumuno rito sa daigdig at masisira ang sistema ng mundo! Ang Allâh (ﷻ) ay malayo sa mga ganoong katangian, luwalhati sa Kanya na Kataas-Taasan na Siya ay ligtas sa anuman na kanilang itinatangi sa Kanya na pagkakaroon ng katambal o di kaya ay pagkakaroon ng anak.

92. Siya lamang ang bukod-tanging Nakaaalam sa anumang di-nakikita ng Kanyang mga nilikha at sa anumang kanilang nakikita, luwalhati sa Kanya na Siya ay Malaya sa anumang pagtatambal na kanilang inaangkin.

93-94. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Kung ipapakita Mo sa akin ang anuman na ipinangako Mo na parusa sa kanila ay huwag Mo akong ipahamak sa anumang kapahamakan na gagawin Mo sa kanila*, *at iligtas Mo ako sa Iyong kaparusahan at poot*, *at huwag Mo akong ibilang sa mga taong masasama na nagtatambal sa kanilang pagsamba*, *bagkus ay ibilang Mo ako sa sinuman na Iyong kinalugdan.*"

95. At walang pag-aalinlangan, kaya Naming ipakita sa iyo ang anumang ipinangako Namin na kaparusahan sa kanila.

96. Kapag ginawan ka ng masama ng iyong mga kalaban, O Muhammad (ﷺ), sa salita man o sa gawa, ay huwag mo silang tumbasan ng masama, bagkus ay ilayo mo ang kanilang masamang gawain sa pamamagitan ng mabubuting pakikitungo sa kanila, na Kami ang Ganap na Nakaaalam sa anumang ginagawa nila na mga walang pananampalataya na pagtatambal sa pagsamba at pagtanggi, at papagbabayarin Namin sila batay sa kanilang ginawang masama.

97-98. At sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Hinihingi ko ang Iyong kalinga mula sa panlilinlang ng mga* '*Shaytân*' *at kanilang pambubuyo*, *na naghihikayat ng kasalanan*, *pamiminsala at pagharang sa katotohanan*, *at hinihingi ko ang Iyong kalinga*, *O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na sila ay hindi makadalo sa anumang aking mga ginagawa*."

99. Walang pag-aalinlangan, ang sumasamba ng iba bukod sa Allâh na siya ay nanatili sa kanyang pagtatambal hanggang dumating sa kanya ang pag-aagaw buhay at makikita na niya ang anumang inihanda sa kanya na kaparusahan, kanyang sasabihin: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ibalik mo ako sa daigdig*."

100. "*Upang mapagpunan ko ang anumang aking sinayang na paniniwala at pagsunod*." Subali't ito ay hindi mangyayari sa kanya! Dahil ito ay salita lamang na kanyang sinasabing kasinungalingan, at sa pagitan niya at ng daigdig ay may harang na nagpipigil sa kanyang pagbabalik tungo sa daigdig hanggang sa araw ng pagkabuhay na mag-uli.

101. Pagkatapos, kapag dumating na ang Muling Pagkabuhay at nahipan na ng anghel na siyang itinalaga sa pag-ihip ng trumpeta, ay babangong muli ang mga tao mula sa kanilang mga libingan, na walang pagmamayabang hinggil sa kanilang lahing pinagmulan sa Araw na yaon na tulad ng kanilang ginagawang pagmamayabang dito sa daigdig, at hindi na sila magtatanungan sa isa't isa.

102. Samakatuwid, sinuman ang maraming nagawang kabutihan at naging mabigat ang kanyang Timbangan ng kabutihan sa oras ng pagtitimbang, ang mga ganito na katulad nila! Sila ang mga yaong magtatagumpay ng '*Al-Jannah*.'

103. At sino naman ang naging magaan ang Timbangan ng kabutihan, at mas naging lamang ang kanyang kasamaan, na ang pinakamatindi sa mga ito ay ang pagsamba ng iba bukod sa Allâh ('*Shirk*'), ay sila ang mga yaong nabigo na inilagay nila ang kanilang mga sarili sa pagiging talunan, na sila ay sa Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan.

104. Susunugin sa Impiyerno ang kanilang mga mukha na mapapangiwi ang kanilang mga bibig at lilitaw ang kanilang mga ngipin (dahil sa sidhi ng kaparusahan).



105. Sasabihin sa kanila: "*Hindi ba binibigkas sa inyo ang mga talata ng Dakilang Qur'ân sa daigdig noon, at ito ay inyong pinasisinungalingan?*"

106. Dahil dumating nga sa kanila ang mga Sugo na ipinadala sa kanila at sila ay binalaan, sasabihin nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Nanaig sa amin ang sarap ng buhay at aming mga pagnanasa na itinakda Mo para sa amin, at kami habang nalulong sa ganito ay ligaw na malayo sa Iyong patnubay.*

107. "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Alisin Mo kami sa Impiyerno, at ibalik Mo kami sa daigdig, at kung kami ay babalik pa sa pagkaligaw pagkatapos nito ay walang pag-aalinlangang kami ay mga masasama na karapat-dapat sa parusa.*"

108. Sasabihin ng Allâh (ﷻ) sa kanila: "*Manatili kayo sa Impiyerno na mga hinamak, at huwag kayong makipag-usap sa Akin.*" At doon na natigil ang kanilang pagdaing at pag-aasam.

109. Walang pag-aalinlangan, mayroong isang grupo sa Aking mga alipin – na sila ay mga mananampalataya – na nananalangin (na sinasabing), "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Naniwala kami sa Iyo, na kung kaya, pagtakpan Mo ang aming mga kasalanan at kaawaan Mo kami, dahil Ikaw ang* '***Khayrul Râhimeen***' *– Pinakamabuti sa lahat ng maawain.*"

110. Subali't itinuring ninyo silang katawa-tawa hanggang nakalimutan ninyo ang pag-aalaala sa Allâh (ﷻ), at kayo ay nagpatuloy sa inyong pagtanggi, at katiyakang kinaugalian ninyo ang pagtawanan at kutyain sila.

111. Walang pag-aalinlangan, ginantimpalaan Ko ang grupo na ito mula sa Aking mga alipin na mga mananampalataya ng pagkatagumpay na '*Al-Jannah*;' dahil sa kanilang pagtitiis sa anumang mga pasakit at sa kanilang pagsunod sa Allâh (ﷻ).

112. At tatanungin ang mga sawi na nasa Impiyerno: "*Ilang taon kayong tumagal sa daigdig? At gaano ninyo sinayang ang panahong yaon na malayo sa pagsunod sa Allâh* (ﷻ)*?*"

113. Kanilang sasabihin dahil sa tindi ng pangyayari at masidhing kaparusahan: "*Nanatili kami roon ng isang araw o bahagi ng isang araw lamang. Samakatuwid, tanungin ninyo ang mga yaong nagtala na binibilang nila ang mga buwan at araw*."

114. Sasabihin sa kanila: "*Hindi kayo nanatili roon kundi maiksing panahon lamang*, *na sana ay nagtiis kayo sa pagsunod sa Allâh* (ﷻ) *at nakamtan ninyo ang* '*Al-Jannah*,' *kung ito ay batid lamang ninyo*; *dahil ang tagal ng pananatili nila sa daigdig ay napakaiksing panahon lamang kung ihahambing sa tagal na ipapanatili nila sa Impiyerno.*

115. "*Iniisip ba ninyo*, *O kayong mga tao! Na nilikha Namin kayo nang walang kadahilanan*: *walang kautusan*, *walang pagbabawal*, *walang gantimpala at walang kaparusahan*, *na kayo ay hindi na babalik pa sa Amin sa Araw ng Muling Pagkabuhay para sa paghuhukom at pagbabayad?*"

116. Na kung kaya, Napakadakila ng Allâh (ﷻ), ang Tunay na Hari, Napakadalisay na malayo sa paglikha ng anumang bagay na walang kadahilanan, walang sinuman ang may karapatan at karapat-dapat na sambahin kundi ang Allâh (ﷻ), na '*Rabb*' na Tagapaglikha na Siyang Nagmamay-ari ng '*Al-`Arshil Kareem*' – ang Kahanga-hanga, Kagalang-galang at Dakilang `Arsh (Trono).

117. At ang sinumang sasamba ng iba bukod sa Allâh na Bukod-Tangi, na siya ay walang anumang katibayan na ito ay karapat-dapat na sambahin, walang pag-aalinlangan, ang kabayaran ng kanyang masamang gawain ay nasa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Kabilang-Buhay. Katiyakang walang tagumpay, walang kaligtasan, sa mga di-naniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

118. At sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Patawarin Mo ang mga kasalanan at mahabag Ka*; *dahil Ikaw ang* '***Khayrul Râhimeen'*** *– ang Pinakamabuti sa lahat ng maawain na naaawa sa sinumang makasalanan*, *na tumatanggap sa pagbabalik-loob ng sinumang nagsisisi at hindi na pinaparusahan sa kanyang kasalanan!*"

سورة النور 24

XXIV – Surât An-Nûr

[**Kabanata An-Nûr** – Ang Liwanag]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. Ang dakilang kabanatang ito ng Kabanal-banalan na Qur'ân ay Aming ipinahayag, at ipinag-utos Namin ang pagpapatupad ng batas nito, at ipinahayag Namin kalakip nito ang mga malilinaw na palatandaan; upang makaalaala kayo, O kayong mga mananampalataya, sa pamamagitan ng mga malilinaw na mga talatang ito at ipatutupad ninyo.

2. Ang nakiapid na babae at lalaki, na silang dalawa ay hindi pa nakaranas ng pag-aasawa, ang parusa sa bawa't isa sa kanila ay isang daang palo sa pamamagitan ng yantok, at naitala sa '*Sunnah*' na kasama sa isang daang palo nito ay ang paglayo ng isang taon mula sa kanyang bayan. At huwag ninyong pahintulutan na padadala kayo sa inyong awa sa dalawa, nang sa gayon ay hindi ninyo sila maparusahan o di kaya ay gaanan ninyo ang parusa, kung kayo ay naniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kabilang-Buhay, na talagang nagpapatupad ng batas ng Islâm; at hayaang saksihan ang pagpaparusang ito ng maraming mananampalataya upang mamalas nila ang tindi ng gawaing ito at upang mapagkunan ng aral at pagpapayo.

3. Ang nakikiapid na lalaki ay para lamang sa mga nakikiapid (din) na babae o di kaya ay sa sumasamba ng iba bukod sa Allâh na hindi naniniwala sa pagbabawal sa pakikiapid, at ang nakikiapid naman na babae ay karapat-dapat lamang na mapangasawa ng katulad (din) lamang niya na lalaki o di kaya ay yaong sumasamba

ng iba bukod sa Allâh na hindi naniniwala sa pagbabawal; at ang ganitong bagay ay ipinagbabawal sa mga mananampalataya. At ito ang malinaw na katibayan hinggil sa pagbabawal ng pag-aasawa ng nakikiapid na babae hanggang siya ay hindi nagbabalik-loob at gayundin sa lalaking nakikiapid hanggang siya ay hindi pa nagsisisi.

4. At ang mga yaong nagbibintang ng salang pakikiapid sa mga matutuwid na mga kababaihan at mga kalalakihan na wala silang apat na testigo na mga matutuwid na mga kalalakihan, ay parusahan ninyo sila ng pagpalo ng walumpo, at huwag na ninyong tanggapin ang anumang pagsasaksi nila magpakailanman, at sila ay yaong mga lumabag sa pagsunod sa Allâh.

5. Subali't ang sinumang nagbalik-loob at nagsisi at binawi ang kanyang pagbibintang at nagpakabuti siya sa kanyang gawain, katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay pinatatawad Niya ang kanyang kasalanan at kinaaawaan siya, at tinatanggap ang kanyang pagbabalik-loob, sapagkat Siya ang '***Ghafourur Raheem***.'

6-7. At ang mga yaong pinagbintangan nila ng pakikiapid ang kanilang mga asawa na mga kababaihan, at wala silang testigo sa kanilang pagbibintang maliban sa kanilang mga sarili, ay nararapat ang isa sa kanila ay tumestigo sa harapan ng hukom ng apat na beses sa pagsasabi niya ng: "*Tumitestigo ako sa Allâh* (ﷻ), *na tunay na ako ay totoo sa aking pagbibintang sa kanya ng pakikiapid*," sa panglima na pagtestigo ay idaragdag niya ang panalangin laban sa kanyang sarili na siya ay magiging karapat-dapat sa sumpa ng Allâh (ﷻ) kung siya ay nagsasabi ng kasinungalingan.

8-9. At sa ganitong pagtestigo niya ay nararapat na parusahan ang kanyang asawang babae ng parusang pakikiapid na siya ay babatuhin hanggang sa siya ay mamatay, at hindi mapapawalang-bisa ang parusang ito sa asawang babae maliban na lamang kung siya ay titestigo rin nang katumbas ng pagtestigo ng lalaki ng apat na beses na pagtestigo sa Allâh (ﷻ), na siya, ang lalaki ay sinungaling sa kanyang ibinibintang sa kanyang asawang babae na pakikiapid, at panlima na pagtitestigo ay idaragdag niya ang panalangin laban sa kanyang sarili, na siya ay karapat-dapat sa poot at galit ng Allâh (ﷻ) kung ang kanyang asawang lalaki ay nagsasabi ng katotohanan hinggil sa ibinibintang sa kanya, at sa ganitong pangyayari ay paghihiwalayin na silang dalawang mag-asawa.

10. At kung hindi lamang sa Kagandahang-Loob ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Awa sa inyo na mga mananampalataya sa pamamagitan ng ganitong batas ng mga mag-aasawang kalalakihan at kababaihan, ay tiyak na mangyayari sa sinumang nagsisinungaling sa dalawang nagsusumpaan ang anumang kanyang ipinanalangin laban sa kanyang sarili, at katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Tawwâb***' – Tagapagtanggap sa sinumang nagsisisi at humihingi ng kapatawaran mula sa Kanyang alipin, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang Batas at Pangangasiwa.

11. Katiyakan, ang mga yaong nagdala ng napakatinding kasinungalingan at pagbibintang ay grupo na kabilang sa inyo – O kayo na mga Muslim – na ito ay pagbibintang ng kahalayan sa ina ng mga mananampalataya na si `Â`ishah na kinalugdan ng Allâh. Huwag ninyong ituring na ang kanilang sinabi ay nakasama sa inyo, kundi ito ay nakabuti sa inyo, dahil sa naging bunga na idinulot nito na pagtatanggol sa ina ng mga mananampalataya at paglilinis sa kanyang pagkatao at pagtatangi sa kanya.

Sa bawa't isa na nagsalita ng kasinungalingan ay paparusahan dahil sa kanyang nagawang kasalanan, at mananagot nang napakalaki sa kasalanang ito ay si `Abdullâh Ibnu `Ubay Ibnu Salul na pinuno ng mga mapagkunwari, na isinumpa ng Allâh dahil para sa kanya ang masihding kaparusahan sa Kabilang-Buhay, na ito ay pananatili sa kaila-ilaliman ng Impiyerno.

12. Di ba karapat-dapat na mag-isip lamang ng mabuti ang sinumang mananampalataya na mga kalalakihan at mga kababaihan sa kanilang kapwa mananampalataya, kapag sila ay nakarinig ng anumang kasinungalingan na pagbibintang, na ang ibig sabihin, ang kanilang kapwa mananampalataya ay malayo sa anumang ibinibintang sa kanila, at kanilang sasabihin: "*Ito ay malinaw na kasinungalingan laban kay `Â`ishah*, *na siya ay kinalugdan ng Allâh?*"

13. Di ba dapat na magdala ng apat na mababuting testigo ang mga nagbibintang sa anumang kanilang sinasabi? Kapag ito ay hindi nila nagawa, samakatuwid, ibibilang sila na mga sinungaling sa paningin ng Allâh (ﷻ).

14. Kung hindi lamang dahil sa kagandahang-loob ng Allâh (ﷻ) sa inyo at sa Kanyang Awa na saklaw Niya ang inyong pagiging matuwid sa inyong Relihiyon at ang kabutihan sa inyong makamundo, na kung kaya, hindi Niya minadali ang Kanyang parusa sa inyo at pinatawad ang sinumang nagsisi, kung hindi lamang sa

ganitong kadahilanan ay magaganap sa inyo ang matinding parusa dahil sa inyong ginawa.

15. Sa panahon na ipinamamalita ninyo ang mga maling pagbibintang na ito sa pamamagitan ng inyong mga dila at pagbibigkas ng inyong mga bibig, na ito ay isang kamalian, at bukod dito ay wala kayong kaalaman hinggil sa bagay na ito, na ang dalawang ito ay ipinagbabawal: ang pagsasabi ng kamalian at ang pagsasabi ng bagay na wala namang kaalaman, na iniisip ninyo na ito ay pangkaraniwan lamang, samantalang sa paningin ng Allâh (ﷻ) ito ay isang mabigat na bagay. Dito ay matinding pagbababala hinggil sa hindi pag-iingat sa pagkalat ng kasamaan o kamalian.

16. At di ba dapat sabihin ninyo kapag nakarining kayo ng ganitong kasinungalingan: "*Hindi nararapat sa amin na magsalita ng ganitong kasinungalingan*, *luwalhati sa Iyo*, *O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na Ikaw ay malaya sa ganitong salita laban sa asawa ng Iyong Sugo na si Muhammad* (ﷺ), *dahil ito ay matinding kasinungalingan na kasalanan na karapat-dapat sa parusa.*"

17. Pinaaalalahanan kayo ng Allâh (ﷻ) at pinagbabawalan kayo na kailanman ay huwag na kayong bumalik sa ganitong gawain magpakailanman na pagbibintang ng kasinungalingan kung kayo ay mananampalataya sa Allâh (ﷻ).

18. At nililinaw ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang Kanyang mga talata na tumutugon sa mga alituntunin ng batas at pagpapayo, ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa inyong mga gawain, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang batas at pangangasiwa.

19. Katiyakan, ang mga yaong nais nila na lumaganap ang kahalayan sa mga Muslim ay para sa kanila ang parusa ng pagbibintang dito sa daigdig, bukod pa sa mga makamundong pagsubok, at sa Kabilang-Buhay ay para sa kanila ang parusa sa Impiyerno kung sila ay hindi nagsisi, at ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi ang Ganap na Nakaaalam sa kanilang kasinungalingan at ito ay hindi ninyo batid.

20. At kung hindi lamang sa Kagandahang-Loob ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Awa, sa sinumang nasangkot sa maling pagbibintang na ito, at ang Allâh (ﷻ) sa katotohanan ang '***Raouf***' – Punung-Puno ng Kagandahang-Loob, na '***Raheem***'– Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal, ay hindi Niya lilinawin ang ganitong mga batas at pagpapayo, at padaliin Niya ang parusa ng sinumang lumabag sa Kanya.



21. O kayo na mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Huwag ninyong sundin ang mga daan ni '*Shaytân*,' at ang sinumang susunod sa mga daan ni '*Shaytân*,' samakatuwid, walang pag-aalinlangan, siya ay nag-uutos ng mahalay na gawain at mga masasama, at kung hindi lamang sa Kagandahang-Loob ng Allâh (ﷻ) sa mga mananampalataya at Kanyang Awa sa kanila ay walang sinuman ang magiging malinis mula sa dungis ng kasalanan, kailanman mula sa kanila, subali't ang Allâh (ﷻ) nililinis Niya ang sinuman na Kanyang nais. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee***`' – Ganap na Nakakarinig sa inyong mga sinasabi, na '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa inyong mga layunin at gawain.

22. At huwag sumumpa ang sinumang mababuti sa kanilang Relihiyon at maluwag sa kanyang pananalapi na iwasan ang pakikipag-ugnayan sa kanyang mga kamag-anak na mga mahihirap, mga nangangailangan at ng mga nangibang-bayan, at itigil niya ang paggasta sa kanila; dahil sa kasalanan na kanilang nagawa, at patawarin niya ang anuman na mali na kanilang nagawa, at huwag niya silang parusahan. Hindi ba ninyo nais na patawarin kayo ng Allâh (ﷻ)? Na kung gayon, patawarin ninyo sila. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila. At nandito ang pag-uutos na magpatawad kahit masama pa rin ang pakikitungo sa kanya.

23. Katiyakan, ang mga yaong nagbibintang ng pakikiapid sa mga malilinis, matutuwid na mga mananampalatayang kababaihan na mga walang kamuwang-muwang, na kailanman ay hindi sumagi sa kaisipan nila ang mga ganitong bagay, sila na gumagawa nito ay ipinagtabuyan mula sa Awa ng Allâh (ﷻ) dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at para sa kanila ang matinding parusa sa Impiyernong-Apoy. Naririto sa talatang ito ang katibayan sa pagiging di-mananampalataya ng sinumang nagmumura at nagbibintang ng masama sa mga asawa ni Propeta Muhammad (ﷺ).

24. Itong pagpaparusa ay sa Araw ng Muling Pagkabuhay na kung saan doon ay titestigo laban sa kanila ang kanilang mga dila sa anuman na nasabi nito, at magsasalita ang kanilang mga kamay at ang kanilang mga paa na sasabihin kung anuman ang kanilang nagawa.

25. Dito sa Araw na ito ay ipagkakaloob ng Allâh (ﷻ) ang kabuuan ng kanilang kabayaran sa kanilang nagawa nang makatarungan, at malalaman nila sa dakilang pangyayaring ito na ang Allâh (ﷻ) ay '***Al-Haqqul Mubeen***' – ang Malinaw na Katotohanan, na hindi dadayain ang sinuman ng kahit na katiting na katiting.

26. Lahat ng mga masasama na mga kalalakihan, mga kababaihan, mga salita at mga gawa ay para rin sa mga masasama na katulad din nito, at para sa lahat ng mabubuti na mga kalalakihan, mga kababaihan, mga salita at ang mga gawa ay ang anumang katumbas na mabuti, at ang mga mabubuti na mga kalalakihan at ang mga mabubuti na mga kababaihan ay pinawalang-sala sa anumang masamang ibinintang sa kanila ng mga masamang tao, at para sa kanila ang kapatawaran sa mga kasalanan mula sa Allâh (ﷻ) at marangal na kabuhayan sa '*Al-Jannah*.'

27. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Huwag kayong pumasok sa mga tahanan na hindi ninyo pagmamay-ari hanggang hindi kayo makahingi ng pahintulot sa mga nagmamay-ari nito na pumasok at makabati kayo ng '*Salâm*' – kapayapaan – sa kanila. At ang pamamaraan nito sa '*Sunnah*' ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay ganito: "*As-salâmu `alaykum*, *papasok na ba ako?*" Ganoon ang pagpapaalam na nakabubuti sa inyo; upang maalaala ninyo sa pamamagitan ng ganitong gawain ang mga ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) at susunod kayo sa Kanya.



28. At kapag wala kayong natagpuan na sinuman sa mga tahanan ng iba ay huwag kayong pumasok hanggang kayo ay makatagpo ng magpa-pahintulot sa inyo, at kapag kayo ay hindi pinahintulutan, at sa halip ay sinabi sa inyo na: Bumalik kayo, ay bumalik kayo, at huwag kayong magpumilit, dahil ang pagbabalik sa gayong pagkakataon ang higit na nakalilinis sa inyo; dahil may pagkakataon sa tao na mayroong mga pangyayari sa kanya na ayaw niyang mabatid ng iba. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakababatid sa inyong mga ginagawa at ginagantimpalaan Niya ang sinuman ayon sa kanyang nagawa.

29. Subali’t hindi bawal sa inyo na pumasok na hindi na kinakailangan pa ang paghingi ng pahintulot sa mga tahanan na hindi tinitirahan ng mga tao, kundi ito ay itinayo para sa pangkalahatang kapakinabangan na itinayo para sa kapakinabangan ng sinumang nangangailangan na katulad ng mga tahanan na itinayo bilang kawanggawa sa mga naglalakbay na nasa mga daanan at iba pa na mga lugar, at nandoroon ang kapakinabangan at pangangailangan ng sinumang papasok doon, at mahirap sa ganoong situwasyon ang pagpapaalam. At ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Nakaaalam sa anumang kalagayan ninyo, lantad man ito o lihim.

30. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga mananampalatayang kalalakihan na ibaba nila ang kanilang mga paningin mula sa anumang hindi ipinahintulot sa kanila na makita na mga kababaihan at mga pribadong bahagi, at pangalagaan nila ang kanilang pribadong bahagi mula sa anumang ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) na katulad ng pakikiapid at ‘*sodomy*,’ at paglantad ng mga maseselang bagay at anuman na katulad nito, at ito ang mas nakalilinis sa kanilang katauhan.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Nakababatid sa anumang kanilang ginagawa sa mga ipinag-uutos ng Allâh (ﷻ) o sa kanilang pag-iwas sa anumang ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ).

31. At sabihin mo rin sa mga mananampalatayang kababaihan na ibaba nila ang kanilang mga paningin sa anumang hindi ipinahintulot sa kanila na mga pribadong bahagi ng katawan, at pangalagaan nila ang kanilang mga pribadong bahagi mula sa anumang mga ipinagbawal ng Allâh (ﷻ), at huwag nilang ilantad ang kanilang kagandahan sa mga kalalakihan kundi pagsumikapan nila na ito ay maitago maliban sa mga nakalantad na pananamit na nakasanayan na ito ay nakalantad na kasuotan, kung ito ay hindi nagdudulot ng anumang '*fitnah*' (o panghahalina na makagawa ng kasamaan), at ibababa nila ang panakip ng kanilang ulo hanggang sa matakpan ang kanilang mga dibdib na natatakpan nito ang kanilang mga mukha; upang mabuo ang kanilang panakip, at huwag nilang ilantad ang anumang kagandahan na nakatago maliban lamang sa kanilang mga asawa na mga kalalakihan; dahil maaari nilang makita mula sa kanila na mga asawa ang hindi maaaring makita ng iba.

At kabilang dito ay ang mukha, leeg, dalawang kamay, dalawang braso; at ang mga ito ay ipinahintulot na makita rin ng kanilang mga ama o di kaya ay ama ng kanilang mga asawa o di kaya ay kanilang anak na mga kalalakihan, o di kaya ay anak na mga kalalakihan ng kanilang mga asawa, o di kaya ay kanilang mga kapatid na mga kalalakihan, o di kaya ay mga anak na lalaki ng kanilang mga kapatid na kalalakihan, o di kaya ay mga anak na kalalakihan ng kanilang mga kapatid na mga kababaihan, o di kaya ay kanilang mga alipin na kababaihan, o di kaya ay mga kapatid na kababaihan sa pananampalataya, o di kaya ay ang anumang pagmamay-ari nila na mga alipin na mga kalalakihan, o di kaya ay mga matatanda na kalalakihan na wala nang pagnanasa sa mga kababaihan na katulad ng ulyanin na sunud-sunuran na lamang sa iba para makakain o makainom, o di kaya ay mga bata na kalalakihan na wala silang kamuwang-muwang sa mga pribadong bahagi ng mga kababaihan, at wala pa silang pagnanasa.

At huwag itapak nang malakas ng mga kababaihan ang kanilang mga paa habang sila ay naglalakad upang marinig ang anumang palamuti sa paa na tulad ng singkil (nakasabit na mga palamuti sa paa) at iba pa, at magbalik kayo, O kayong mga naniniwala tungo sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) sa anuman na Kanyang ipinag-uutos mula sa mga ganitong magagandang pag-uugali at mababuting asal, at iwasan na ninyo ang anumang pag-uugali ng kamangmangan na mga masasamang pag-uugali; upang kayo ay magtagumpay ng kabutihan dito sa daigdig at gayundin sa Kabilang-Buhay.


وَأَنكِحُوا۟ ٱلْأَيَـٰمَىٰ مِنكُمْ وَٱلصَّـٰلِحِينَ مِنْ عِبَادِكُمْ وَإِمَآئِكُمْ ۚ إِن
يَكُونُوا۟ فُقَرَآءَ يُغْنِهِمُ ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦ ۗ وَٱللَّهُ وَٰسِعٌ عَلِيمٌ ﴿٣٢﴾
وَلْيَسْتَعْفِفِ ٱلَّذِينَ لَا يَجِدُونَ نِكَاحًا حَتَّىٰ يُغْنِيَهُمُ ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦ ۗ
وَٱلَّذِينَ يَبْتَغُونَ ٱلْكِتَـٰبَ مِمَّا مَلَكَتْ أَيْمَـٰنُكُمْ فَكَاتِبُوهُمْ إِنْ
عَلِمْتُمْ فِيهِمْ خَيْرًا ۖ وَءَاتُوهُم مِّن مَّالِ ٱللَّهِ ٱلَّذِىٓ ءَاتَىٰكُمْ ۚ وَلَا
تُكْرِهُوا۟ فَتَيَـٰتِكُمْ عَلَى ٱلْبِغَآءِ إِنْ أَرَدْنَ تَحَصُّنًا لِّتَبْتَغُوا۟ عَرَضَ ٱلْحَيَوٰةِ
ٱلدُّنْيَا ۚ وَمَن يُكْرِههُّنَّ فَإِنَّ ٱللَّهَ مِنۢ بَعْدِ إِكْرَٰهِهِنَّ غَفُورٌ رَّحِيمٌ
﴿٣٣﴾ وَلَقَدْ أَنزَلْنَآ إِلَيْكُمْ ءَايَـٰتٍ مُّبَيِّنَـٰتٍ وَمَثَلًا مِّنَ ٱلَّذِينَ خَلَوْا۟
مِن قَبْلِكُمْ وَمَوْعِظَةً لِّلْمُتَّقِينَ ﴿٣٤﴾ ۞ ٱللَّهُ نُورُ ٱلسَّمَـٰوَٰتِ
وَٱلْأَرْضِ ۚ مَثَلُ نُورِهِۦ كَمِشْكَوٰةٍ فِيهَا مِصْبَاحٌ ۖ ٱلْمِصْبَاحُ فِى زُجَاجَةٍ ۖ
ٱلزُّجَاجَةُ كَأَنَّهَا كَوْكَبٌ دُرِّىٌّ يُوقَدُ مِن شَجَرَةٍ مُّبَـٰرَكَةٍ زَيْتُونَةٍ
لَّا شَرْقِيَّةٍ وَلَا غَرْبِيَّةٍ يَكَادُ زَيْتُهَا يُضِىٓءُ وَلَوْ لَمْ تَمْسَسْهُ نَارٌ ۚ
نُّورٌ عَلَىٰ نُورٍ ۗ يَهْدِى ٱللَّهُ لِنُورِهِۦ مَن يَشَآءُ ۚ وَيَضْرِبُ ٱللَّهُ ٱلْأَمْثَـٰلَ
لِلنَّاسِ ۗ وَٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿٣٥﴾ فِى بُيُوتٍ أَذِنَ ٱللَّهُ أَن تُرْفَعَ
وَيُذْكَرَ فِيهَا ٱسْمُهُۥ يُسَبِّحُ لَهُۥ فِيهَا بِٱلْغُدُوِّ وَٱلْآصَالِ ﴿٣٦﴾

32. At hanapan ninyo ng mga mapapangasawa, O kayong mga mananampalataya, ang sinuman na walang asawa na mga malalaya na mga kalalakihan at mga kababaihan at mga mabubuti, na sila ay mula sa inyong mga alipin na mga kalalakihan at alipin na mga kababaihan, at kung sinuman ang nagnais na mag-asawa upang pangalagaan ang kanyang sarili na siya ay mahirap ay pagyayamanin siya ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang Masaganang Kabuhayan. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Wâsee***`' – Ganap at Masagana ang Kanyang Kabutihan at Dakila ang Kanyang Kagandahang-Loob, na '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa kalagayan ng Kanyang mga alipin.

33. At ang mga yaong hindi nila kayang mag-asawa dahil sa kanilang kahirapan o di kaya sa ibang kadahilanan ay panatilihin nila ang kanilang kalinisan mula sa anumang ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) hanggang sila ay pagyamanin ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang Kagandahang-Loob, at gawing madali sa kanila ang pag-aasawa. At ang mga yaong nagnanais na palayain ang kanilang mga alipin na mga kalalakihan at mga kababaihan sa pamamagitan ng pagsagawa ng kasunduan na nakatakda ang panahon nito upang tubusin nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagbabayad sa nagmamay-ari sa kanila, ay nararapat sa mga nagmamay-ari sa kanila na sumang-ayon sa pagtatakda ng ganitong kasunduan kung alam na sila (na mga alipin) ay mababuti.

Na ang tinutukoy na mababuti rito: ay kanilang talino, at kakayahan na kumita, at nararapat sa kanila at sa nagmamay-ari at gayundin sa iba na sila ay tulungan sa pamamagitan ng salapi para rito. At hindi maaari sa inyo na sila ay pilitin na gumawa ng pakikiapid para lamang magkaroon ng salaping pantubos, at paano ninyo ito gagawin sa kanila samantalang sila na mga alipin na mga kababaihan ay nagnanais na maging malinis, ayaw ninyo rin ba silang maging malinis?

At dito sa talatang ito ay ipinapakita kung gaano kasama ang gayong gawain. Subali't ang sinumang pumilit sa kanila ng pakikiapid ay walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) pagkatapos ng pagpilit sa kanila ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa kanila, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal, at ang kasalanan ay para lamang sa sinuman na pumilit sa kanila.

34. At katiyakan, ibinaba Namin sa inyo ang kapahayagan, O kayong mga tao, na mga talata ng Dakilang Qur'ân na mga malilinaw na katibayan ng katotohanan, at halimbawa mula sa kuwento ng mga naunang tao, at pagpapayo sa sinumang nakauunawa nito na natatakot sa Allâh (ﷻ) at nag-iingat mula sa Kanyang kaparusahan.

35. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Liwanag ng mga kalangitan at kalupaan, at Tagapangasiwa sa dalawang ito at gumagabay sa mga naninirahan dito dahil Siya ang Liwanag, ang Kanyang harang ay liwanag, na sa pamamagitan nito nagkaroon ng liwanag ang mga kalangitan, kalupaan at ang anuman na mga nilalaman nito, at ang Aklat ng Allâh, at ang Kanyang Gabay ay liwanag na mula sa Kanya, na kung hindi lamang dahil sa Kanyang liwanag ay magkakapatung-patong na ang mga kadiliman sa ibabaw ng mga kadiliman.

At ang halimbawa ng Kanyang Liwanag na rito Niya ginagabayan ang sinuman, ay ang paniniwala at ang Dakilang Qur'ân na nasa puso ng mga mananampalataya na katulad ng '*Miskât*,' na ang '*Miskât*' na ito ay maliit na bintana na nandoroon ang lampara, at naiipon doon sa maliit na bintanang yaon ang liwanag na napakatindi (na nananatili lamang doon ang liwanag ng lamparang iyon, at itong lampara ay nasa ilalim ng salamin o '*glass*'), at dahil sa napakalinaw ng salamin na ito ay para itong nagniningning na bituin, na ang nagpaparingas nito ay mula sa langis ng mabibiyang puno, na ito ay puno ng '*Zaytûn*' (Oliba – '*olives*'), na ito ay hindi nagmumula sa gawing silangan, na kung kaya, hindi ito tinatamaan ng liwanag ng araw sa dulo ng araw (dapit-hapon), at hindi rin nagmumula lamang sa kanluran dahil hindi ito tinatamaan ng sinag ng araw sa umpisa ng umaga, kundi ito ay nasa gitna ng kalupaan na hindi sa gawing silangan at hindi rin sa gawing kanluran, at dahil sa linis nito ay halos nagniningning ang langis bago pa umabot doon sa apoy, kapag ito ay inabot na ng apoy ay saka pa ito liliwanag nang matinding liwanag, na ito ay Liwanag sa ibabaw ng Liwanag, na kung saan, liwanag ng pagsinag ng langis at liwanag ng pagningas ng apoy, katulad nito ang gabay na kung saan lumiliwanag sa puso ng mga mananampalataya. At ang Allâh (ﷻ) ay ginagabayan at pinapatnubayan sa pagsunod sa Dakilang Qur'ân ang sinuman na Kanyang nais, at nagbibigay Siya ng parabola sa sangkatauhan; upang maunawaan nila ang Kanyang mga parabola at ang Kanyang mga karunungan, at ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay at walang anuman ang naililihim sa Kanya.

36. Ang liwanag na ito ay nagbibigay liwanag sa mga Tahanan ng (pagsamba sa) Allâh (ﷻ) (‘*Masjid*’) na ipinag-utos Niya na itayo ang mga ito, igalang, linisin at ikarangal; na inaalaala at pinupuri rito ang Kanyang Pangalan sa pamamagitan ng pagbibigkas o pagbabasa ng Kanyang Aklat at pagpuri at pagluwalhati, at iba pang pamamaraan ng papuri, na rito nagsasagawa ng ‘*Salâh*’ ang sinuman sa Allâh (ﷻ), sa umaga at hapon.


رِجَالٌ لَّا تُلْهِيهِمْ تِجَٰرَةٌ وَلَا بَيْعٌ عَن ذِكْرِ ٱللَّهِ وَإِقَامِ ٱلصَّلَوٰةِ وَإِيتَآءِ
ٱلزَّكَوٰةِ يَخَافُونَ يَوْمًا تَتَقَلَّبُ فِيهِ ٱلْقُلُوبُ وَٱلْأَبْصَٰرُ ﴿٣٧﴾
لِيَجْزِيَهُمُ ٱللَّهُ أَحْسَنَ مَا عَمِلُوا۟ وَيَزِيدَهُم مِّن فَضْلِهِۦ ۗ وَٱللَّهُ يَرْزُقُ
مَن يَشَآءُ بِغَيْرِ حِسَابٍ ﴿٣٨﴾ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَعْمَٰلُهُمْ كَسَرَابٍۭ
بِقِيعَةٍ يَحْسَبُهُ ٱلظَّمْـَٔانُ مَآءً حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءَهُۥ لَمْ يَجِدْهُ شَيْـًٔا
وَوَجَدَ ٱللَّهَ عِندَهُۥ فَوَفَّىٰهُ حِسَابَهُۥ ۗ وَٱللَّهُ سَرِيعُ ٱلْحِسَابِ ﴿٣٩﴾
أَوْ كَظُلُمَٰتٍ فِى بَحْرٍ لُّجِّىٍّ يَغْشَىٰهُ مَوْجٌ مِّن فَوْقِهِۦ مَوْجٌ مِّن
فَوْقِهِۦ سَحَابٌ ظُلُمَٰتٌۢ بَعْضُهَا فَوْقَ بَعْضٍ إِذَآ أَخْرَجَ يَدَهُۥ لَمْ
يَكَدْ يَرَىٰهَا ۗ وَمَن لَّمْ يَجْعَلِ ٱللَّهُ لَهُۥ نُورًا فَمَا لَهُۥ مِن نُّورٍ ﴿٤٠﴾ أَلَمْ تَرَ أَنَّ
ٱللَّهَ يُسَبِّحُ لَهُۥ مَن فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَٱلطَّيْرُ صَٰٓفَّٰتٍ ۖ كُلٌّ قَدْ
عَلِمَ صَلَاتَهُۥ وَتَسْبِيحَهُۥ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌۢ بِمَا يَفْعَلُونَ ﴿٤١﴾ وَلِلَّهِ مُلْكُ
ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ وَإِلَى ٱللَّهِ ٱلْمَصِيرُ ﴿٤٢﴾ أَلَمْ تَرَ أَنَّ ٱللَّهَ يُزْجِى
سَحَابًا ثُمَّ يُؤَلِّفُ بَيْنَهُۥ ثُمَّ يَجْعَلُهُۥ رُكَامًا فَتَرَى ٱلْوَدْقَ يَخْرُجُ مِنْ
خِلَٰلِهِۦ ۚ وَيُنَزِّلُ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مِن جِبَالٍ فِيهَا مِنۢ بَرَدٍ فَيُصِيبُ بِهِۦ مَن يَشَآءُ
وَيَصْرِفُهُۥ عَن مَّن يَشَآءُ ۖ يَكَادُ سَنَا بَرْقِهِۦ يَذْهَبُ بِٱلْأَبْصَٰرِ ﴿٤٣﴾

37. Mga kalalakihan na hindi naabala ng negosyo at pagbebenta mula sa pag-alaala nila sa Allâh (ﷻ), at pagsagawa ng '*Salâh*,' pagbibigay ng '*Zakâh*' o obligadong kawanggawa sa mga may karapatan, natatakot sila sa Araw ng Muling Pagkabuhay na kung saan doon ay babaling ang mga puso sa pagitan ng pag-asa na maligtas at pagkatakot na mapahamak, gayundin ang kanilang mga paningin na nakaabang tungo sa kung saan sila patutungo?

38. Upang ipagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang gantimpala ng kanilang pinakamabuting gawa, karagdagan pang pagkakaloob mula sa Kanyang Kagandahang-Loob upang dodoblehin ang kanilang kabutihan. At ang Allâh (ﷻ) ang nagkakaloob sa sinuman na Kanyang nais nang walang limitasyon, sa halip ibinibigay Niya ang gantimpala na hindi maaaring mapantayan ng kanyang gawa, na wala nang bilang at timbang.

39. At ang mga yaong hindi naniwala sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at tinanggihan ang Kanyang mga Sugo, ang kanilang gawain na inaasahan nila na mapakikinabangan nila sa Kabilang-Buhay, na katulad ng kanilang pagiging mabuti sa mga kamag-anak at pagpapalaya ng mga bihag at iba pa ay magiging isang malikmata lamang, na katulad ng nakikita nila na parang tubig sa patag na kalupaan sa tanghaling-tapat, na iisipin ng nauuhaw na ito ay tubig, subali't kapag ito ay kanyang narating ay wala siyang makikitang tubig.

Ang walang pananampalataya ay iniisip niya na ang kanyang gawain ay kapaki-pakinabang sa kanya, subali't pagdating ng Araw ng Muling Pagkabuhay ay wala siyang matatagpuan na gantimpala, at matatagpuan niya ang Allâh (ﷻ) na nakamasid, na nakaabang sa kanya na ipagkakaloob sa kanya ang kabuuan ng kabayaran ng kanyang gawain na naglalagablab na Impiyernong-Apoy. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Saree`ul Hisâb***' – Ganap at Napakabilis Niyang Tumuos, na kung kaya, huwag

mainip ang mga mangmang sa pagdating ng Kanyang ipinangako, dahil ito ay walang pag-aalinlangang magaganap.

40. O di kaya, ang kanilang mga gawain ay magiging katulad ng mga kadiliman sa ilalim ng malalim na karagatan na ang nasa ibabaw nito ay alon, na ang alon na ito ay napangingibabawang muli ng panibagong mga alon, at nasa ibabaw nito ang mga makapal na ulap, na matitinding kadiliman na magkakapatung-patong sa isa't-isa, kung sakali na ang isang tao na nasa gayong kalagayan, na kapag iniunat niya ang kanyang kamay ay talagang hindi niya ito maaninag sa tindi ng kadiliman, na kung kaya, ang mga walang pananampalataya ay nagkakapatung-patong na sa kanila ang mga kadiliman ng pagsamba ng iba, pagkaligaw at mga masasamang gawain. At ang sinumang hindi pagkalooban ng Allâh (ﷻ) ng liwanag mula sa Kanyang Aklat at sa '*Sunnah*' ng Kanyang Propeta (ﷺ) na igagabay sa kanya ay wala na siyang anupamang patnubay.

41. Hindi mo ba alam, O Muhammad (ﷺ), na ang Allâh (ﷻ) sa katotohanan ay lumuluwalhati sa Kanya ang lahat ng mga nasa kalangitan at ang lahat ng mga nasa kalupaan na mga nilikha, at ang mga ibon na nakadipa ang kanilang mga pakpak sa himpapawid ay lumuluwalhati rin sa Kanya? Lahat ng nilikha ay ginabayan ng Allâh (ﷻ) kung paano sumamba sa Kanya at pumuri. At Siya ang Allâh (ﷻ), luwalhati sa Kanya, ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam, na batid Niya ang anumang ginagawa ng sinumang sumasamba at lumuluwalhati, na walang anuman ang naililihim sa Kanya, at sa pamamagitan nito sila ay Kanyang tutumbasan.

42. Bukod-Tangi na Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan at kalupaan na Siya lamang ang kumukuntrol nito, at sa Kanya magbabalik sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

43. Hindi mo ba nakita na ang Allâh (ﷻ) ang nagpapagalaw ng mga ulap nang marahan sa kung saan na Kanyang nais, pagkatapos ito ay pagsasama-samahin Niya pagkatapos ng paghihiwala-hiwalay nito, pagkatapos ay pagpapatung-patungin Niya, at mula roon ay ibababa Niya ang ulan? At bumababa mula sa ulap ang kasinglaki ng bundok na yelo dahil sa laki nito na malamig, at itinatama Niya ito sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin at inilalayo Niya sa sinuman na Kanyang nais mula sa kanila ayon sa Kanyang karunungan at pagtatakda, na halos sa tindi ng liwanag ng kidlat nito sa ulap ay matatangay nito ang paningin ng mga may paningin.



44. At kabilang sa tanda ng kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) ay pinagpapalit-palit Niya ang gabi sa araw na dumarating ang isa rito pagkalipas ng isa, nagsasalit-salitan ito sa haba at iksi, katotohanan, nandirito sa ganitong pangyayari ang katibayan na nauunawaan ng sinumang pinagkalooban ng kaisipan.

45. Ang Allâh (ﷻ) ay nilikha Niya ang lahat ng gumagapang sa kalupaan mula sa tubig, na kung kaya, ang tubig ang pinagmulan ng lahat ng Kanyang nilikha, mayroon sa mga gumagapang na ito, na naglalakad sa pamamagitan ng tiyan nito na katulad ng mga ahas at iba pa, at mayroon namang naglalakad sa pamamagitan ng dalawang paa na katulad ng tao at mayroong naglalakad sa pamamagitan ng apat na paa na katulad ng maraming hayop at iba pa, at ang Allâh (ﷻ) ang Lumikha ng anuman na Kanyang nais, at Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay.

46. Katiyakan, ibinaba Namin na nasa loob ng Qur'ân ang mga malilinaw na palatandaan na naggagabay tungo sa katotohanan. At ang Allâh (ﷻ) ay ginagabayan Niya ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin tungo sa Matuwid na Landas na ito ay ang Islâm.

47. At sinasabi ng mga mapagkunwari: "*Naniwala kami sa Allâh* (ﷻ) *at sa anumang dala-dala ng Sugo*, *at sinunod namin ang ipinag-utos ng dalawa*," pagkatapos ay tatalikod ang ilang grupo mula sa kanila pagkatapos nito at tinatanggihan ang pagpasiya ng Sugo ng Allâh (ﷺ), na kung kaya, hindi sila ibinibilang sa mga mananampalataya.

48. At kapag sila ay inanyayahan tungo sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo hinggil sa kanilang hindi pinagkakasunduan; upang hukuman ang pagitan nila, ay ang ibang grupo sa kanila ay tatalikod na tatanggihan ang batas ng Allâh (ﷻ) at ng

Kanyang Sugo, samantalang sa katunayan, ito ay katotohanan na walang pag-aalinlangan.

49. Subali't kapag ang katwiran ay nasa panig nila, walang pag-aalinlangan, na sila ay tutungo sa Propeta (ﷺ) na sumusunod, nagpapasailalim sa kanyang batas na pinagpasiyahan; dahil batid nila na ang kanyang pagpasiya ay katotohanan.

50. Ang dahilan ba ng kanilang pagtalikod ay dahil sa sakit ng pagkamapagkunwari na nasa kanilang mga puso, o di kaya ay may pagdududa ba sila sa pagka-Propeta ni Propeta Muhammad (ﷺ), o di kaya ang dahilan ba ay nangangamba sila na ang batas ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo ay hindi makatarungan? Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan na sila ay natatakot na dadayain, kundi walang pag-aalinlangan na sila ay masasama at mararumi ang budhi.

51. Subali't ang mga tunay na mananampalataya, ang kanilang pag-uugali kapag sila ay inaanyayahan tungo sa hukom ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo hinggil sa kanilang di-pinagkakasunduan, ay tatanggapin nila ang batas at kanilang sasabihin: "*Pinakinggan namin ang anuman na sinabi sa amin at sinunod namin ang anuman ng ipinag-utos sa amin*," at sila ang mga yaong magtatagumpay na pagkakalooban ng anuman na kanilang hinahangad sa mga Hardin ng kaligayahan.

52. At ang sinuman ang susunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo hinggil sa ipinag-uutos at ipinagbabawal, at natakot sa magiging bunga ng paglabag, at natakot sa parusa ng Allâh (ﷻ), sila ang mga magtatagumpay na magkakamit ng kaligayahan sa '*Al-Jannah*.'

53. At sumusumpa ang mga mapagkunwari sa Allâh (ﷻ) ng napakatinding pagsumpa na sinasabi nila: "*Kapag inutusan mo kami*, *O Muhammad*, *na tumungo sa* '*Jihâd*' *na kasama ka ay tiyak na kami ay sasama*," sabihin mo sa kanila: "*Huwag na kayong manumpa ng kasinungalingan*, *dahil sa ang inyong pagsunod ay batid Namin na ito ay hanggang salita lamang*, *katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Khabeer***' *– Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakababatid sa lahat ng inyong ginagawa*, *at hinggil dito kayo ay papagbabayarin.*"



54. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga tao: "*Sumunod kayo sa Allâh* (ﷻ) *at sumunod kayo sa Sugo*, *subali't kapag sila ay tumalikod*, *walang pag-aalinlangan na ang tungkulin lamang ng Sugo ay gawin kung anuman ang ipinag-utos sa kanya na pagpaparating ng mensahe*, *na kung kaya*, *nararapat sa lahat na gawin ang anumang ipinag-uutos sa kanila na pagsunod*, *at kapag kayo ay sumunod sa kanya ay gagabayan kayo sa katotohanan*, *at ang tungkulin lamang ng Sugo ay iparating ang mensahe ng kanyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng malinaw na pagpaparating*."

55. Ipinangako ng Allâh (ﷻ) na magtatagumpay ang mga yaong naniwala mula sa inyo at gumawa ng mga mababuting gawa, na kung saan, ipapamana sa kanila ang kalupaan ng mga walang pananampalataya, at gagawin silang mga kahalili, na katulad ng nangyari sa mga nauna sa kanila na mga mananampalataya na naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga Sugo, at ipagkakaloob sa kanila ang kapangyarihan na pangingibabawin ang '*Deen*' na pinili ng Allâh (ﷻ) para sa kanila na ito ay Islâm, at katiyakan na papalitan Namin ang kanilang pangamba ng kapanatagan, na sasambahin nila ang Allâh (ﷻ) nang bukod-tangi, at magpanatili sila sa pagsunod sa Kanya, na hindi na sila sasamba ng anuman bukod sa Kanya, at sinuman ang hindi maniniwala pagkatapos ipagkaloob sa kanila ang paghahalili, kapanatagan, katatagan at pangingibabaw, at tanggihan (pa rin) ang mga Biyaya ng Allâh (ﷻ), sila ay ituturing na lumabag sa kagustuhan ng Allâh.

56. At isagawa ninyo nang ganap ang pagsa-'*Salâh*,' at ibigay ninyo ang obligadong kawanggawa ('*zakâh*') sa mga may karapatan, at sumunod kayo sa Sugo ng Allâh (ﷺ); nang sa gayon ay kaawaan kayo ng Allâh (ﷻ).

57. Huwag isipin ng mga walang pananampalataya na magagapi nila ang Allâh (ﷻ) dito sa daigdig, bagkus Siya ang Ganap na Makapangyarihan na kaya silang wasakin,

at sa Kabilang-Buhay ang kanilang patutunguhan ay Impiyerno, na napakasamang patutunguhan.

58. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Utusan ninyo ang inyong mga alipin na kalalakihan at mga kababaihan, at ang inyong mga anak na wala pa sa hustong gulang na humingi sila ng pahintulot kapag pumasok sila sa inyong silid-tulugan sa tatlong pagkakataon na oras ng ``*awrah*' (maseselan na oras): bago mag-'*Salâh*' ng '*fajr*,' dahil ito ay pag-aalis ng damit-pantulog at pagsusuot ng damit na panggising; at ang oras ng pagpapalit ng damit upang makapagpahinga pagkatapos ng '*Dhuhr*,' at pagkatapos ng ``*Ishâ*' dahil ito ay oras ng pagtulog.

Itong tatlong oras ay mga oras ng inyong mga ``*awrah*' na bibihira rito ang nakapagtakip nang buo niyang katawan, subali't sa ibang oras ay walang problema kung sila ay papasok sa inyo nang walang paalam; dahil sa kanilang pangangailangan, dahil sa sila ay iniikutan kayo upang pagsilbihan, at kung paano nilinaw ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang batas ng pagpapaalam ay nilinaw din sa inyo ang Kanyang mga talata, mga batas, mga katibayan at mga alituntunin ng Kanyang '*Deen*.' At ang Allâh (ﷻ) ang ``***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam kung ano ang nakabubuti sa Kanyang mga nilikha, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa sa kanila.



59. At kapag umabot na ang mga kabataan sa hustong gulang na sila ay inuutusan na sumunod sa mga alituntunin ng Islâm, kinakailangang sila ay humingi ng pahintulot kapag sila ay pumasok sa inyo sa lahat ng pagkakataon na katulad ng paghingi ng pahintulot ng mga matatanda, at kung paano nilinaw ng Allâh (ﷻ) ang pag-uugali hinggil sa pagpapaalam ay nilinaw din Niya sa inyo ang Kanyang mga talata. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa kung ano ang ikabubuti ng Kanyang mga alipin, na ‘***Hakeem***’ – Ganap na Maalam sa Kanyang panukala.

60. At ang mga matatandang kababaihan na hindi na nangangailangan ng anumang pagnanasa dahil sa kanilang katandaan, at wala na silang hilig sa mga kalalakihan upang mapangasawa, at wala na ring pagnanasa sa kanila ang mga kalalakihan, sa katulad nila ay hindi na kasalanan na alisin ang anumang damit na ipinapatong sa kanilang kasuotan na hindi naman nila inilalantad ang kanilang mga kagandahan, magkagayunpaman ang pagsuot nila ng ganitong kasuotan upang pantakip at maging malayo sa anumang hindi kanais-nais ay higit na nakabubuti sa kanila. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Samee***`’ – Ganap na Nakakarinig sa anuman na kanilang sinasabi, na ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa kanilang layunin at mga gawain.

61. Hindi na ipinagbabawal sa sinumang may kapansanan na katulad ng bulag, pilay at mga maysakit ang pag-iwas sa mga ipinag-uutos na gawain, na katulad ng ‘*Jihâd*’ at iba pa, na kailangan ang sapat na paningin at kumpletong pangangatawan o di kaya ay walang sakit, at hindi rin ipinagbabawal sa inyo, O kayong mananampalataya, na kumain sa tahanan ng inyong mga anak o di kaya ay sa tahanan ng inyong mga ama, o di kaya ay sa tahanan ng inyong ina, o di kaya ay sa inyong mga kapatid na kalalakihan, o di kaya ay sa inyong mga kapatid na kababaihan, o di kaya ay sa inyong mga tiyuhin sa inyong mga ama, o di kaya ay sa inyong mga tiyahin sa inyong

ama, o di kaya ay sa inyong mga tiyuhin sa inyong mga ina, o di kaya ay sa inyong mga tiyahin sa inyong mga ina, o di kaya ay sa mga tahanan na ipinagkatiwala sa inyo habang wala ang mga nagmamay-ari nito, o di kaya ay sa mga tahanan ng inyong mga kaibigan, at hindi rin ipinagbabawal sa inyo ang kumain ng magkakasama o di kaya ay magkakahiwalay.

At kapag kayo ay pumasok sa mga tahanan na may naninirahan o di kaya ay walang naninirahan ay magbatian kayo sa isa't-isa ng pagbati ng Islâm, na ito ay ang: "*As-salâmu `alaykum wa rahmatullâhi wa barakâtuh*," (na ang ibig sabihin ay ang kapayapaan, habag at biyaya ng Allâh ay sumainyo), o di kaya ay "*As-salâmu `a-lay-na wa `a-la iba-dil-lâ-his sâ-li-heen*," (na ang ibig sabihin ay ang kapayapaan ay para sa amin at para sa mga alipin ng Allâh na mga mababuti) kapag walang natagpuan na sinuman sa tahanan.

At ito ang pagbati na ipinag-utos ng Allâh (ﷻ), na ito ang binibiyayaan na pamamaraan na nagbubunga ng pagmamahalan, na mabuti na kalugud-lugod sa nakaririnig, at sa katulad nitong paglilinaw ay nililinaw ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang mga palatandaan ng Kanyang '*Deen*' at ng Kanyang mga talata; upang ito ay inyong maunawaan at maisakatuparan.

سُورَةُ النُّورِ
الجزء الثامن عشر
إِنَّمَا ٱلْمُؤْمِنُونَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَإِذَا كَانُوا۟ مَعَهُۥ
عَلَىٰٓ أَمْرٍ جَامِعٍ لَّمْ يَذْهَبُوا۟ حَتَّىٰ يَسْتَـْٔذِنُوهُ ۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ يَسْتَـْٔذِنُونَكَ
أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ۚ فَإِذَا ٱسْتَـْٔذَنُوكَ
لِبَعْضِ شَأْنِهِمْ فَأْذَن لِّمَن شِئْتَ مِنْهُمْ وَٱسْتَغْفِرْ لَهُمُ
ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٦٢﴾ لَّا تَجْعَلُوا۟ دُعَآءَ ٱلرَّسُولِ
بَيْنَكُمْ كَدُعَآءِ بَعْضِكُم بَعْضًا ۚ قَدْ يَعْلَمُ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ
يَتَسَلَّلُونَ مِنكُمْ لِوَاذًا ۚ فَلْيَحْذَرِ ٱلَّذِينَ يُخَالِفُونَ عَنْ أَمْرِهِۦٓ
أَن تُصِيبَهُمْ فِتْنَةٌ أَوْ يُصِيبَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٦٣﴾ أَلَآ إِنَّ لِلَّهِ
مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ قَدْ يَعْلَمُ مَآ أَنتُمْ عَلَيْهِ ۖ وَيَوْمَ
يُرْجَعُونَ إِلَيْهِ فَيُنَبِّئُهُم بِمَا عَمِلُوا۟ ۗ وَٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿٦٤﴾
سُورَةُ الْفُرْقَانِ
بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ
تَبَارَكَ ٱلَّذِى نَزَّلَ ٱلْفُرْقَانَ عَلَىٰ عَبْدِهِۦ لِيَكُونَ لِلْعَٰلَمِينَ نَذِيرًا
﴿١﴾ ٱلَّذِى لَهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَلَمْ يَتَّخِذْ وَلَدًا وَلَمْ
يَكُن لَّهُۥ شَرِيكٌ فِى ٱلْمُلْكِ وَخَلَقَ كُلَّ شَىْءٍ فَقَدَّرَهُۥ تَقْدِيرًا ﴿٢﴾

62. Katiyakan, ang tunay na mga mananampalataya ay yaong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at ipinatupad ang Kanyang batas, at kapag kasama nila ang Propeta (ﷺ), na sila ay nagsasama-sama dahil sa kapakanan ng mga Muslim, ay hindi aalis ang sinuman sa kanila hangga't hindi siya makapagpaalam sa kanya (Propeta).

Katiyakan, ang mga yaong nagpapaalam sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ay sila ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo ng tunay na paniniwala, at kapag sila nagpaalam sa iyo dahil sa kanilang pangangailangan ay pahintulutan mo ang sinuman na iyong nais na makaalis dahil sa kanyang tamang katwiran, at ihiling mo sila ng kapatawaran sa Allâh.

Dahil katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng Kanyang mga alipin na nagbalik-loob sa Kanya, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

63. Huwag ninyong sabihin, O kayong mga mananampalataya, kapag tinawag ninyo ang Sugo ng Allâh (ﷺ) na: "*O Muhammad*, *at gayundin ang*, '*O Muhammad na anak ni `Abdullâh*,'" na katulad ng pagtawag ninyo ng sinuman sa inyo sa iba, ibukod-tangi ninyo siya at sabihin ninyo: "*O Propeta ng Allâh*, *o di kaya ay*, '*O Sugo ng Allâh*.'"

Katiyakan, batid ng Allâh (ﷻ) ang mga mapagkunwari na umaalis nang palihim mula sa pagpupulong na kasama ang Propeta, na walang paalam sa kanya, na nagtatago ang iba sa kanila sa iba, at mag-ingat ang mga yaong lumalabag sa utos ng Sugo ng Allâh (ﷺ) na dumating sa kanila ang sakuna o di kaya ay dumating sa kanila ang matinding parusa sa Kabilang-Buhay.

64. Dapat ninyong mabatid na walang pag-aalinlangan, na pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang anuman na nasa mga kalangitan at kalupaan, na ito ay Kanyang nilikha,

Pagmamay-ari at Kanyang mga alipin, na katiyakan, saklaw ng Kanyang kaalaman ang lahat ng mayroon kayo at inyong mga kalagayan, at sa Araw ng pagbabalik ng Kanyang mga alipin sa Kanya sa Kabilang-Buhay ay sasabihin Niya sa kanila ang anuman na kanilang ginawa, at sila ay tutumbasan, at ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay, na walang anuman ang naililihim sa Kanya sa anuman na kanilang ginagawa at kalagayan.

سورة الفرقان 25

XXV – Surât Al-Furqân

[Kabanata Al-Furqân – Ang Pamantayan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Dakila ang mga biyaya ng Allâh (ﷻ) at sagana ang Kanyang kabutihan, at ganap ang Kanyang katangian na Siya ang nagbaba ng Kabanal-banalan na Qur'ân na naghihiwalay sa pagitan ng tama at kamalian sa Kanyang alipin na si Muhammad (ﷺ); nang sa gayon siya ay maging Sugo sa sangkatauhan at sa mga '*Jinn*,' at babalaan sila mula sa parusa ng Allâh (ﷻ).

2. Na Siya ang Nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan, na hindi Siya nagkaroon ng anak at wala Siyang kahati sa Kanyang Kaharian. At Siya ang Lumikha ng lahat ng bagay, at Kanyang ginawang angkop ang pagkalikha ayon sa magiging bunga ng Kanyang karunungan na walang kakulangan at walang kalabisan.



3. At nagturing ang mga walang pananampalataya na mga Arabo, ng mga sinasamba bukod sa Allâh, na kailanman ang mga ito ay walang kakayahan na lumikha ng kahit na ano, bagkus ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Lumikha sa mga ito at Lumikha sa kanila. At walang kakayahan ang mga ito na pangalagaan ang kanilang mga sarili sa anumang kapahamakan ni magdulot ng anumang kapakinabangan, at hindi makakayanan nito na kunin ang buhay ng anumang may buhay o di kaya ay buhayin ang anumang namatay, o di kaya ay bubuhayin na mag-uli ang mga taong namatay mula sa kanilang mga libingan.

4. At sinabi ng mga di-naniniwala sa Allâh (ﷻ): "*Ang Qur'ân na ito ay walang iba kundi kasinungalingan at pag-iimbento lamang ni Muhammad*, *na nakipagtulungan sa kanya ang ibang mga tao*, *na sa mga ganitong pag-aangkin ay nakagawa sila ng matinding kasamaan*, *at nakagawa sila ng napakasamang kasinungalingan*; *dahil ang Qur'ân kailanman ay hindi maaaring imbentuhin ng sinumang tao*."

5. At kanilang sinabi hinggil sa Dakilang Qur'ân: "*Ito ay mga haka-haka lamang ng mga tao na mga nauna na naitala sa kanilang mga aklat*, *na kinopya ni Muhammad*, *dahil sa ito ay binabasa o binibigkas sa kanya sa umaga at hapon*."

6. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga di-naniniwala: "*Katiyakan*, *ang Siyang nagbaba ng Dakilang Qur'ân ay ang Allâh* (ﷻ) *na saklaw ng Kanyang kaalaman ang anumang mga nasa kalangitan at kalupaan*, *na katiyakan*, *Siya ang* '***Ghafour***' *– Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisi sa kanyang mga kasalanan at mga kamalian*, *na* '***Raheem***' *– Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila dahil hindi Niya minadali ang parusa sa kanila*."

7-8. At sinabi ng mga walang pananampalataya na nagtatambal sa pagsamba sa Allâh: "*Paano mangyayari na siya na nag-aangking Sugo ng Allâh* (*na ang ibig nilang sabihin ay si Propeta Muhammad*) *ay kumakain ng pagkain na katulad natin at naglalakad sa mga pamilihan upang maghanap-buhay? Hindi ba dapat na nagpadala ang Allâh* (ﷻ) *ng anghel na kasama niya na titestigo para sa kanya*, *o di kaya ay bababa sa kanya mula sa kalangitan ang kayamanan*, *o di kaya ay sa malawak at masaganang hardin na siya ay kumakain mula sa mga bunga nito*," at sinabi nila na mga masasama na tumanggi: "*Ang sinusunod ninyo*, *O kayong mga mananampalataya*, *ay walang iba kundi isang tao na tinamaan ng kulam*."

9. Tingnan mo, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang sinabi ng mga tumanggi hinggil sa iyo na mga kamangha-mangha na mga salita, na ginagawan ka nila ng parabola; upang pasinungalingan ka? At dahil doon ay napalayo sila sa katotohanan at hindi na nila matagpuan ang daan tungo rito; upang ituwid ang kanilang mga sinabi hinggil sa iyo na mga kasinungalingan at pag-iimbento.

10. Napakadakila ang mga Biyaya ng Allâh (ﷻ) at napakasagana ang Kanyang mga kabutihan, na kung nanaisin Niya ay pagkalooban ka Niya ng kabutihan, O Muhammad, na higit pa sa kanilang hinahangad para sa iyo, dahil magkaroon ka ng mga hardin dito sa daigdig na ang nasa pagitan nito ay mga umaagos na ilog, at igagawa ka rito ng mga dakilang palasyo.

11. At hindi ka nila tinanggihan; dahil sa ikaw ay kumakain ng pagkain, naglalakad sa pamilihan, sa halip ang kanilang di-pinaniwalaan ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay at ang anumang mangyayari roon na pagbabayad; at inihanda Namin sa sinumang hindi naniwala rito ang lagablab ng Impiyerno na roon sila ay susunugin.



12. Kapag nakita ng Impiyerno ang mga tumanggi sa Araw ng Muling Pagkabuhay mula sa malayong lugar ay maririnig nila ang ingay na naghihimagsik at umaatungal sa tindi ng galit sa kanila nito.

13. At kapag sila ay itinapon doon sa matinding sikip ng Impiyerno – at pinagsama sa pagkakadena ang kanilang mga kamay at mga leeg – ay aasamin nila sa kanilang mga sarili na sana ay mamatay na sila upang makaligtas sa ganoong kahirapan.

14. At sasabihin sa kanila upang sila ay biguin: "*Huwag na kayong manalangin ngayon ng pagkamatay sa inyong sarili nang minsanan lamang*, *sa halip ay manalangin kayo nang maraming beses*, *gayunpaman ay wala kayong mapapala na anuman kundi matinding pagdadalamhati dahil wala na kayong kaligtasan*."

15. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad: "*Itong Impiyerno ba na isinalarawan sa inyo ay mas mabuti o ang Hardin ng* '*Al-Jannah*' *na nandoroon ang patuloy na kaligayahan*, *na ipinangako sa kanila na mga natatakot mula sa parusa ng kanilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na ito ay gantimpala sa kanilang gawa*, *na ito ang kanilang patutunguhan sa Kabilang-Buhay?*"

16. Para sa kanila na mga masunurin na nasa '*Al-Jannah*' ay ang anuman na kanilang maiibigan na mga masasarap na kaligayahan, na ang kanilang kaligayahan doon ay patuloy, at ang kanilang pagpasok sa '*Al-Jannah*' ay ipinangako ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), sa kanila bilang matibay na kasunduan, na ito ay itatanong ng mga alipin ng Allâh na mga matatakutin, at ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya sisirain ang Kanyang pangako.

17. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay titipunin ng Allâh (ﷻ) ang mga sumasamba ng iba kasama ang kanilang mga sinamba bukod sa Allâh, at sasabihin sa kanilang

mga sinamba: "*Iniligaw ba ninyo ang Aking mga alipin na ito mula sa Daan ng Katotohanan*, *at inutusan ninyo sila na sambahin kayo*, *o sila ang nangaligaw ng landas*, *kaya nila kayo sinamba nang kusa mula sa kanilang kalooban?*"

18. Sasabihin ng mga sinamba nila bukod sa Allâh: "*Luwalhati sa Iyo*, *O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na Ikaw ay ligtas sa anuman na kanilang ginawa*, *at hindi maaari na kami ay magtuturing ng mga sinasandalan na sinasamba bukod sa Iyo*, *subali*'*t pinasaya Mo sila na mga sumamba ng iba at ang kanilang mga ninuno rito sa daigdig ng kayamanan at kalusugan*, *hanggang sa nakalimutan Ka nila at sumamba sila ng iba*, *at sila ay mga tao na ligaw na nasa ganap na pagkaligaw at pagkaaba.*"

19. At sasabihin sa mga sumamba ng iba bukod sa Allâh: "*Katiyakan*, *pinasinungalingan kayo ng inyong mga sinamba sa inyong pagbibintang sa kanila*, *na kung kaya*, *ngayon ay wala na kayong kakayahan na iligtas ang inyong mga sarili mula sa parusa at wala nang sinuman ang makatutulong sa inyo*, *at ang sinumang magtatambal o sasamba ng iba bukod sa Allâh ay dinaya niya ang kanyang sarili*, *at siya na sumamba ng iba bukod Allâh at doon siya namatay* (*sa gayong paniniwala*) *ay gagawaran ng Allâh* (ﷻ) *ng matinding parusa.*

20. At hindi Kami nagpadala ng mga Sugo na nauna sa iyo, O Muhammad, na sinuman kundi sila ay mga tao rin, na kumakain ng pagkain, naglalakad sa mga pamilihan. At ginawa Namin ang iba sa inyo, O kayong mga tao, na pagsubok sa iba upang subukin sila sa pamamagitan ng patnubay at pagkaligaw, kaginhawahan at kahirapan, kalusugan at karamdaman, kung kayo ay makatitiis, at isasagawa ninyo ang anumang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa inyo, at tatanaw kayo ng utang na loob sa Kanya upang gantimpalaan kayo ng inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, o di kaya ay hindi kayo magtitiis at maging karapat-dapat kayo sa parusa? At ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), ang '***Baseer***' – Ganap na Nakakakita sa sinumang dumaraing o di kaya ay nagtitiis, at sa sinumang di-maniniwala o di kaya ay tatanaw ng utang na loob.


وَقَالَ ٱلَّذِينَ لَا يَرْجُونَ لِقَآءَنَا لَوْلَآ أُنزِلَ عَلَيْنَا ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ
أَوْ نَرَىٰ رَبَّنَا ۗ لَقَدِ ٱسْتَكْبَرُوا۟ فِىٓ أَنفُسِهِمْ وَعَتَوْ عُتُوًّا كَبِيرًا
يَوْمَ يَرَوْنَ ٱلْمَلَٰٓئِكَةَ لَا بُشْرَىٰ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُجْرِمِينَ وَيَقُولُونَ
حِجْرًا مَّحْجُورًا وَقَدِمْنَآ إِلَىٰ مَا عَمِلُوا۟ مِنْ عَمَلٍ فَجَعَلْنَٰهُ
هَبَآءً مَّنثُورًا أَصْحَٰبُ ٱلْجَنَّةِ يَوْمَئِذٍ خَيْرٌ مُّسْتَقَرًّا
وَأَحْسَنُ مَقِيلًا وَيَوْمَ تَشَقَّقُ ٱلسَّمَآءُ بِٱلْغَمَٰمِ وَنُزِّلَ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ
تَنزِيلًا ٱلْمُلْكُ يَوْمَئِذٍ ٱلْحَقُّ لِلرَّحْمَٰنِ ۚ وَكَانَ يَوْمًا عَلَى
ٱلْكَٰفِرِينَ عَسِيرًا وَيَوْمَ يَعَضُّ ٱلظَّالِمُ عَلَىٰ يَدَيْهِ يَقُولُ
يَٰلَيْتَنِى ٱتَّخَذْتُ مَعَ ٱلرَّسُولِ سَبِيلًا يَٰوَيْلَتَىٰ لَيْتَنِى لَمْ أَتَّخِذْ
فُلَانًا خَلِيلًا لَّقَدْ أَضَلَّنِى عَنِ ٱلذِّكْرِ بَعْدَ إِذْ جَآءَنِى ۗ
وَكَانَ ٱلشَّيْطَٰنُ لِلْإِنسَٰنِ خَذُولًا وَقَالَ ٱلرَّسُولُ
يَٰرَبِّ إِنَّ قَوْمِى ٱتَّخَذُوا۟ هَٰذَا ٱلْقُرْءَانَ مَهْجُورًا وَكَذَٰلِكَ
جَعَلْنَا لِكُلِّ نَبِىٍّ عَدُوًّا مِّنَ ٱلْمُجْرِمِينَ ۗ وَكَفَىٰ بِرَبِّكَ هَادِيًا
وَنَصِيرًا وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَوْلَا نُزِّلَ عَلَيْهِ ٱلْقُرْءَانُ جُمْلَةً
وَٰحِدَةً ۚ كَذَٰلِكَ لِنُثَبِّتَ بِهِۦ فُؤَادَكَ ۖ وَرَتَّلْنَٰهُ تَرْتِيلًا

21. At sinabi ng mga yaong hindi umaasam na makatagpo nila ang kanilang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha pagkatapos ng kamatayan dahil hindi sila naniwala rito: “*Ano kaya kung magpababa Siya sa amin ng mga anghel*, *na magsasabi sa amin na si Muhammad ay totoo*, *o di kaya ay makikita namin ang Allâh na aming* ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha sa pamamagitan mismo ng aming mga mata*, *na sasabihin sa amin na siya ay totoo sa kanyang mensahe*.”

Katiyakan, labis silang nagtiwala sa kanilang mga sarili at sila ay nagmataas kaya nagawa nila na magsabi ng ganito, at lumampas na sila sa hangganan sa pamamagitan ng kanilang pagmamalabis sa kasamaan at di-paniniwala.

22. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay makikita nila ang mga anghel na katulad ng kanilang hiniling, subali’t hindi upang ibigay sa kanila ang magandang balita hinggil sa ‘*Al-Jannah*,’ kundi upang sabihin sa kanila: “*Ginawa ng Allâh* (ﷻ) *ang* ‘*Al-Jannah*’ (*Hardin*) *bilang lugar na ipinagbabawal sa inyo*.”

23. At iniharap Namin ang anuman na kanilang nagawa na kabutihan sa mga mata ng tao, at pagkatapos ay saka Namin pinawalan ng saysay, na hindi nila pakikinabangan na katulad ng mga nagkalat na mga alikabok, na ito ay nakikita dahil sa liwanag ng araw na napakagaan na alikabok; sapagka’t ang anumang kabutihan ay hindi mapakikinabangan sa Kabilang-Buhay maliban sa kung ito ay nabuo ng sinumang gumawa nito: ang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at ang pagiging dalisay nito, at pagsunod sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ).

24. Ang mga nasa ‘*Al-Jannah*’ sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay higit na napakabuti ang napuntahan kaysa mga nasa Impiyerno, at napakaganda ng kanilang mga tahanan sa ‘*Al-Jannah*,’ dahil sa kanilang ganap na kapanatagan, at ang kanilang kaligayahan ay ganap at buo na wala nang hanggan na hindi nahahaluan ng kahit na katiting na kalungkutan.

25. At ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), ang Araw ng pagkagunaw ng daigdig na roon ay mabibiyak ang mga kalangitan, at lilitaw mula sa pagkakabiyak-biyak na ito ang mga ulap, na mga mapuputi, na mga maninipis, at ibababa ng Allâh (ﷻ) ang mga anghel sa kalangitan sa Araw na yaon, at mapalilibutan nila ang lahat ng mga nilikha sa lugar na pagtitipunan, at darating[52] ang Allâh (ﷻ) na Luwalhati sa Kanya na Kataas-Taasan upang pagpasiyahan ang paghatol sa pagitan ng Kanyang mga alipin.

26. At ang tunay na kaharian sa Araw na yaon ay bukod-tangi na sa Allâh (ﷻ) lamang na Pinakamahabagin at wala na sa iba, at ang Araw na yaon ay napakatindi, napakahirap para sa mga walang pananampalataya, dahil sa kanilang makakamtan na mga parusa at matinding paghihirap sa Impiyerno.

27-29. At ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), ang Araw ng Muling Pagkabuhay na roon ay ngangatngatin ng sinumang masama ang kanyang mga kamay bilang pagsisisi at pagdadalamhati, na kanyang sasabihin: "*Sana ay sumama ako sa Sugo ng Allâh na si Muhammad*, *at sinunod ko siya upang sundin ang Islâm bilang daan tungo sa* '*Al-Jannah*,'" na siya ay manghihinayang na kanyang sasabihin: "*Kapighatian sa akin*, *sana ay hindi ko ginawang kaibigan at minamahal siya na hindi naniwala. Katiyakan*, *inilihis ako ng kaibigan na ito mula sa Dakilang Qur'ân pagkatapos itong dumating sa akin*. *At si* '*Shaytân*' *na isinumpa ay palagi niyang tinatakasan ang mga tao sa kanyang mga ipinapangako*."

Dito sa mga talatang ito ang babala mula sa pakikisama sa masamang kaibigan; dahil sinuman ang makikisama sa mga masamang kaibigan ay ito ang magiging sanhi sa pagpasok niya sa Impiyerno.

30. At sinabi ng Sugo bilang pagsusumbong sa ginawa ng kanyang sambayanan: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katiyakan*, *ang aking sambayanan ay tinalikdan nila ang Qur'ân na ito at hindi nila pinahalagahan*, *na matindi ang kanilang pagtalikod dito*, *at pag-iwas sa pag-uunawa nito at pagsasapamuhay nito at pagpaparating ng mensahe nito.*"

Dito sa talatang ito ang matinding babala sa sinumang tinalikuran ang Dakilang Qur'ân at hindi na sinusunod.

31. At kung paano Namin ginawa sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na ang iyong kalaban ay mula sa mga masasama sa iyong sambayanan ay ganoon din Namin ginawa ang kalaban ng sinumang Propeta na magmula sa kanilang sambayanan, na kung kaya, magtiiis ka na katulad ng pagtitiis nila. At sapat na ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang Tagapaggabay at Tagapagturo na naging tagatulong sa iyo laban sa iyong mga

[52]Ito ay angkop sa Kanyang Kamaharlikaan.

kalaban. At narito sa talatang ito ang pampalubag-loob sa Propeta ng Allâh na si Muhammad (ﷺ)?

32. At sinabi ng mga yaong di-naniniwala: "*Bakit hindi na lang ipinahayag nang minsanan ang Dakilang Qur'ân kay Muhammad na katulad ng* '*Tawrah*,' '*Injeel*' *at saka* '*Zabour?*'" Sinabi ng Allâh (ﷻ): "*Ganoon Namin ipinahayag sa iyo*, *O Muhammad*, *ang Dakilang Qur'ân nang hindi minsanan* (*baha-bahagi*); *upang patibayin ang iyong puso at upang maragdagan ang iyong kapanatagan na maintindihan at makakayanan mong sundin*, *at ito ay Aming ipinahayag sa iyo nang pakaunti-kaunti*, *nang yugtu-yugto*."



33. At walang anumang dinala sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ng mga di-naniniwala na katwiran o di kaya ay panlilinlang kundi naghayag rin Kami sa iyo, O Muhammad, ng kasagutan na makatotohanan at sa pinakamagandang kapaliwanagan.”

34. Sila na mga di-naniwala ay kakaladkarin mula sa kanilang mga noo tungo sa Impiyernong-Apoy, at sila ang pinakamasama sa lahat ng tao na patutunguhan, at ligaw na napakalayo sa Daan ng Katotohanan.

35-36. At katiyakan, ipinagkaloob Namin kay Mousã (عليه السلام) ang ‘*Tawrah*’ at ginawa Namin bilang kasama niya ang kanyang kapatid na si Hâroun (عليه السلام) bilang kaagapay at sinabi Namin sa kanilang dalawa: “*Magtungo kayo kay Fir`âwn at sa kanyang sambayanan*, *na hindi pinaniwalaan ang mga palatandaan ng Aking pagiging Tagapaglikha*, *Tagapagtustos ng pangangailangan at sa Aking pagiging karapatan at bukod-tanging sinasamba*,” at nagtungo silang dalawa, at sila ay hinikayat nila tungo sa paniniwala sa Allâh (سبحانه وتعالى) at pagsunod sa Kanya, at di-pagsamba ng iba bukod sa Kanya, subali’t sila ay pinasinungalingan nila, na kung kaya, pinuksa Namin sila nang matinding pagkapuksa.

37. At nilunod Namin sa pamamagitan ng dilubyo (o dakilang baha) ang sambayanan ni Nûh noong tinanggihan nila si Nûh (عليه السلام). At sa sinumang hindi naniwala sa Sugo ng Allâh ay katiyakang hindi rin naniwala sa lahat ng mga Sugo. At ginawa Namin ang kanilang pagkalunod bilang aral sa sangkatauhan, at inihanda Namin sa kanila sa Kabilang-Buhay ang masidhing kaparusahan, at sa sinumang sumunod sa kanilang daan na pagtanggi at di-paniniwala.

38. At pinuksa Namin ang lahi ni `Âd na sambayanan ni Hûd, at lahi ni Thamoud sambayanan ni Sâleh, at sa sambayanan na nanirahan sa mga bukal ng ‘*Ar-Rass*,’ at ang marami pang sambayanan sa pagitan ng sambayanan ni Nûh, ni `Âd, ni Thamoud

at saka sa mga nanirahan sa mga bukal ng '*Ar-Rass*' na walang sinuman ang nakaaalam sa kanila bukod sa Allâh (ﷻ).

39. At lahat ng mga sambayanan ay nilinaw Namin sa kanila ang mga katibayan at ipinakita Namin sa kanila ang mga palatandaan, inalis Namin sa kanila ang anuman na maaari nilang ikakatwiran para tumanggi, gayunpaman ay hindi pa rin sila naniwala, na kung kaya, pinuksa Namin sila ng parusa na matinding pagkapuksa.

40. Katiyakan, ang mga walang pananampalataya na taga-Makkah ay dumaraan sila sa kanilang paglalakbay sa bayan ng sambayanan ni Lût na ito ay bayan ng Sadom (Sodom), na kung saan, pinuksa Namin sila sa pamamagitan ng pag-ulan ng mga bato mula sa kalangitan, subali't ito ay hindi nagiging aral sa kanila, sa halip ay hindi pa rin sila naniniwala na mayroong Muling Pagkabuhay na kung saan sila ay papagbabayarin doon.

41-42. At kapag nakita ka nila na mga walang pananampalataya, O Muhammad (ﷺ), ay kukutyain ka nila na kanilang sinasabi: "*Siya ba ang nag-aangkin na ang Allâh ay ipinadala siya sa atin bilang Sugo? Na sa katunayan*, *ay halos maialis niya tayo mula sa pagsamba sa mga rebulto dahil sa tindi ng kanyang katibayan at kanyang paglilinaw*, *kung hindi lang tayo naging matatag sa pagsamba rito*," subali't walang pag-aalinlangan, mababatid nila sa oras na makita nila ang parusa kung sino ang karapat-dapat para rito; kung sino ang naligaw sa kanyang '*Deen*' (o Relihiyon), sila ba o si Muhammad?

43. Napagmasdan mo ba, O Muhammad (ﷺ), na may pagkamangha, siya na itinuring niya ang kanyang sarili bilang '*ilâh*' – diyos na sinasamba – dahil sa sinunod niya ang kanyang sariling kagustuhan na katulad ng pagsunod sa Allâh, na sa ganitong kaparaanan ay ipinantay niya ang kanyang sarili sa Allâh? Kaya mo ba siyang pangalagaan hanggang sa maibalik mo siya sa tunay na paniniwala?



44. O di kaya ay iniisip mo ba na karamihan sa kanila ay pinakikinggan ang mga talata ng Allâh (ﷻ) upang intindihin, o di kaya ay naiintindihan ba nila ang nilalaman nito? Sila ay walang katulad kundi mga hayop na wala silang pakinabang sa anuman na kanilang naririnig o di kaya ay mas ligaw pa sila kaysa sa mga hayop.

45-46. Hindi mo ba nakikita kung paano pinahahaba ng Allâh (ﷻ) ang lilim mula sa pagkasikat ng '*fajr*' hanggang sa pagsikat ng araw? Kung ninais Niya na mangyari ay ginawa na Niyang nanatili na hindi na mawawala dahil sa pagsikat ng araw, pagkatapos ay ginawa Niya ang araw bilang tanda sa kalagayan ng lilim na ito, pagkatapos ito ay paunti-unting nawawala sa tuwing tumataas ang araw. At ito ay mga palatandaan sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Kadakilaan na Siya lamang ang bukod-tanging may karapatang sambahin.

47. At ang Allâh (ﷻ) ay Siya ang gumawa sa inyo ng gabi upang maging pantakip sa inyo ang kadiliman nito na katulad ng damit, at ginawa Niya ang inyong pagtulog bilang pamamahinga ng inyong katawan, at ginawa Niya sa inyo ang araw upang kayo ay kumalat sa kalupaan at hanapin ang inyong kabuhayan.

48-49. At Siya ang nagpadala ng hangin na dala-dala nito ang ulap, na ibinabalita nito ang magandang balita hinggil sa ulan bilang Awa mula sa Allâh (ﷻ), at ibinaba Namin mula sa kalangitan ang dalisay na tubig bilang paglilinis; upang sumibol sa pamamagitan nito ang mga pananim sa lugar na walang mga pananim, at binubuhay nito ang kalupaan na tuyot, at ibinubuhos Namin ang tubig at pinaiinom Namin ang maraming mga hayop at mga tao.

50. At katiyakan, ibinaba Namin ang ulan sa kalupaan at pinagbabaha-bahagi; upang makaalaala ang yaong pinadalhan ng ulan sa Biyaya ng Allâh (ﷻ) sa kanila at

tatanaw sila ng utang na loob, at makaalaala rin ang yaong hindi inabutan ng ulan at kaagad na humingi ng kapatawaran sa Allâh (ﷻ) upang sila ay kaawaan at pagkalooban ng ulan. Subali't tumanggi ang karamihan sa mga tao at binalewala ang Aming mga biyaya sa kanila na katulad ng pagsasabi ng iba: "*Nagkaroon ng ulan sa amin dahil sa ganito't ganoong bituin.*"

51-52. At kung gugustuhin Namin ay magpapadala Kami sa bawa't bayan ng tagababala, upang hikayatin sila tungo sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at babalaan sila sa parusa ng Allâh (ﷻ), subali't ginawa ka Namin, O Muhammad (ﷺ), na Sugo para sa lahat ng sangkatauhan sa daigdig, at inutusan ka Namin na iparating ang Kabanal-banalan na Qur'ân na ito sa kanila, na kung kaya, huwag mong sundin ang mga walang pananampalataya para iwan ang kahit na anumang ipinag-utos sa iyo, sa halip ay magpunyagi ka sa pagpaparating ng mensahe, at ganap mong iparating ang mensahe ng Kabanal-banalan na Qur'ân na ito sa mga walang pananampalataya bilang malaking '*Jihâd*' – labis na pagpupunyagi na walang anumang kapaguran.

53. At ang Allâh (ﷻ), pinagsanga Niya ang dalawang karagatan: ang tabang na maaaring inumin at ang maalat na matindi ang pagkaalat nito, at gumawa rin siya ng harang sa pagitan ng bawa't isa nito na hindi masisira ang isa't-isa, at hindi ito maghahalo sa isa't-isa.

54. At Siya ang Lumikha mula sa semilya ng lalaki at babae ng kanilang lahi na mga kalalakihan at mga kababaihan, at lumago sa pamamagitan nito ang kanilang lahi na magkakaanak at sa pamamagitan ng pagpapakasal sa isa't isa. At ang Allâh na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa paglikha ng anumang Kanyang nais.

55. At kahit na ganito na kalinaw ang mga palatandaan sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Biyaya sa Kanyang nilikha ay sumasamba pa rin ang mga di-naniniwala ng iba bukod sa Allâh na walang anuman silang mapakikinabangan kapag ito ay kanilang sinamba, at hindi sila mapapahamak kapag iniwasan nila ang pagsamba sa mga ito, na kung kaya, ang tumatanggi ay tumutulong kay '*Shaytân*' laban sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa pamamagitan ng pagsamba niya ng iba bukod sa Allâh, at paglantad niya ng kanyang paglabag.



56. At hindi ka Namin ipinadala, O Muhammad (ﷺ), kundi bilang magandang balita sa mga mananampalataya hinggil sa Hardin (‘*Al-Jannah*’) at babala sa mga hindi naniwala hinggil sa Impiyerno.

57. Sabihin mo sa kanila: “*Hindi ako humihingi ng anumang kabayaran bilang kapalit ng aking pagpaparating ng mensahe*, *subali*’*t ang sinuman ang nagnais na mapatnubayan at sumunod sa Daan ng Katotohanan tungo sa kanyang* ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha*, *at siya ay gumasta alang-alang sa kaluguran ng Allâh* (ﷻ), *ay hindi ko siya pipilitin*, *magkagayunpaman ito ay higit na nakabubuti sa inyong mga sarili*.”

58. At ipaubaya mo ang iyong sarili sa Allâh (ﷻ) na Tunay at Walang-Hanggang Buhay na hindi namamatay, at purihin mo at ilayo mo sa anumang mga katangian na may kakulangan at hindi angkop sa Kanyang Kamaharlikaan. At sapat na ang Allâh (ﷻ) bilang ‘***Khabeer***’ – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakababatid sa kasalanan ng Kanyang nilikha at walang anuman ang naililihim sa Kanya, at ayon dito sila ay huhukuman at papagbabayarin.

59. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at ang anuman na nasa pagitan nito sa loob ng anim na araw, pagkatapos ay pumaroon sa taas ng Kanyang ‘`*Arsh*’ sa pamamaraan na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan, na Siya ay ‘***Ar-Rahmân***’ – ang Pinakamahabagin!

Na kung kaya, magtanong ka sa Kanya, O Muhammad, dahil Siya ang ‘***Khabeer***’ – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Pinakadalubhasa na Ganap na Nababatid Niya ang Kanyang mga Katangian, Kadakilaan, Kamaharlikaan at Kataas-Taasan.

60. Kapag sinabi sa mga walang pananampalataya: “*Magpatirapa kayo sa Kanya na Pinakamahabaging Allâh* (ﷻ) *at sambahin ninyo Siya*,” kanilang sasabihin: “*Hindi namin kilala ang Pinakamahabagin*, *magpapatirapa ba kami dahil sa inutusan mo*

lamang kaming magpatirapa sa Kanya upang sundin ang inyong nais?" At walang nairagdag sa kanila ang pag-utos na pagpatirapa sa Pinakamahabaging Allâh (ﷻ), kundi higit pa na paglayo sa paniniwala at higit na pagtanggi rito.

61. Napakadakila ang mga Biyaya ng Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin, Napakasagana ng Kanyang Kabutihan, na ginawa Niya sa kalangitan ang mga dakilang bituin na nasa mga lugar nito, at ginawa Niya roon ang araw na nagbibigay ng liwanag at ang buwan na nagniningning.

62. Siya at Siya lamang ang gumawa ng gabi at araw na nagpapalitan sa isa't isa, na ito ay para sa sinumang magnais na magkaroon ng aral mula rito bilang paniniwala sa Tagapangasiwa na lumikha nito, o di kaya ay sa sinumang magnais na tatanaw ng utang na loob sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga Biyaya at mga palatandaan.

63. Ang mga alipin ng Pinakamahabaging Allâh (ﷻ) na mga mababuti ay naglalakad sila sa kalupaan nang malumanay at mga nagpapakumbaba, at kapag nakipag-usap sa kanila ang mga mangmang bilang pangungutya, sila ay tutugunan nila ng mabuting salita, at makikipag-usap sila sa kanila ng pakikipag-usap na ligtas sila sa anumang kasalanan, at sa pagtugon ng kamangmangan ng isa pang kamangmangan.

64. At yaong nagsasagawa ng pagsamba sa gabi na dalisay ang kanilang layunin na para lamang sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha ang kanilang ginagawa, na sila ay mga nagpapakumbaba sa Allâh (ﷻ) sa pagpapatirapa at pagtatayo.

65-66. At yaong bukod sa kanilang pagpupunyaging ginagawa sa pagsamba ay natatakot sila sa Allâh (ﷻ) at nananalangin sila na iligtas mula sa parusa sa Impiyerno, dahil walang pag-aalinlangan, ang parusa rito ay wala nang katapusan sa sinumang paparusahan. Katiyakan, ang Impiyerno ay napakasama na patutunguhan at pamamalagian.

67. At yaong kapag sila ay gumasta mula sa kanilang mga kayamanan ay hindi nila nilalampasan ang hangganan sa paggasta at hindi nila pinipigilan ang paggasta, at ang kanilang paggasta ay katamtaman lamang na hindi bulagsak at hindi naman may paghihigpit.



68-71. At yaong bukod-tangi lamang ang Allâh (ﷻ) ang kanilang sinasamba, at hindi sila nananalangin at sumasamba ng sinumang ‘*ilâh*’ bukod sa Kanya, at hindi sila pumapatay ng sinumang may buhay (tao) na ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) maliban sa sinumang karapat-dapat o makatarungang gawaran ng parusa na kamatayan: Na katulad ng sinumang tumanggi sa paniniwala (o lumabas sa katotohanan) pagkatapos niyang tanggapin ang Tamang Pananampalataya, o di kaya ay nangalunya o nakiapid pagkatapos niyang makapag-asawa o di kaya ay nakapatay nang sinadya; at hindi sila nakikiapaid, sa halip inaalagaan nila ang kanilang mga pribadong bahagi, maliban sa kanilang mga asawa o di kaya ay sa kanilang mga alipin, – at sinuman ang gagawa sa alinman sa mga malalaking kasalanan na ito ay matatagpuan niya ang kanyang parusa sa Kabilang-Buhay.

Dodoblihin sa kanya ang parusa sa Araw ng Muling Pagkabuhay, siya ay mananatili roon na abang-aba, maliban sa sinumang nagsisi ng dalisay na pagsisisi sa paggawa niya ng mga ganitong kasalanan at siya ay naniwala ng tunay na paniniwala sa Allâh (ﷻ) na kasama ang pagsagawa ng mabuting gawa dahil buburahin sa kanila ng Allâh (ﷻ) ang kanilang masamang gawain at papalitan ito ng mga kabutihan; dahil sa kanilang pagbabalik-loob at pagsisisi.

At ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisi, at Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Kanyang mga alipin dahil Siya ang naghikayat sa kanila tungo sa pagsisisi pagkatapos nilang labagin ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga malalaking kasalanan. At ang sinumang nagsisi pagkatapos mangyari sa kanya ang malaking kasalanan, at gumawa siya ng mabuting gawa, katotohanan, sa pamamagitan nito siya ay bumabalik sa Allâh (ﷻ) ng tamang pagbabalik-loob, at tatanggapin ng Allâh (ﷻ) sa kanya ang kanyang pagbabalik-loob at buburahin sa kanya ang kanyang mga kasalanan.

72. At yaong hindi tumitestigo ng kasinungalingan at hindi dumadalo sa umpukan ng mga hindi makatotohanang usapin, at kapag sila ay napadaan sa mga makasalanan o sa mga umpukan ng walang kabuluhang usapin na hindi sinasadya ay dadaan lamang sila at tatalikuran nila ang mga ganitong umpukan, at hindi rin nila nais na ito ay isagawa ng iba.

73. At yaong kapag pinagpayuhan sa mga talata ng Dakilang Qur'ân at sa mga palatandaan ng Kaisahan ng Allâh (ﷻ) ay hindi nila binabalewala na katulad ng nagbibingi-bingihan at nagbubulag-bulagan, sa halip ito ay taos-puso nilang tinatanggap at iniintindi ng kanilang mga kalooban, at dahil dito sila ay nagpapakumbaba na nagpapatirapa bilang pagsunod.

74. At yaong nananalangin sa Allâh (ﷻ) na kanilang sinasabi: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Pagkalooban Mo kami ng kapanatagan sa aming mga asawa at mga pamilya*, *na kapanatagan ng aming mga mata at kasiyahan*, *at gawin Mo kami na mga halimbawa na tinutularan tungo sa kabutihan.*"

75-76. Sila na mga yaong nagtatangan ng mga ganitong katangian mula sa mga alipin ng Pinakamahabaging Allâh (ﷻ) ay gagantimpalaan sila ng mga matataas na antas ng '*Al-Jannah*;' bilang Awa ng Allâh, at dahil sa kanilang pagtitiis sa pagsagawa ng mga ipinag-uutos, at isasalubong sa kanila sa '*Al-Jannah*' ay pagbabati ng kapayapaan mula sa mga anghel, at mabuting pamumuhay na ligtas sa anumang karamdaman, na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan na wala nang kamatayan, na napakaganda ng kanilang patutunguhan na kung saan doon sila ay maninirahan at mananatili, na kailanman ay hindi sila magnanais na umalis pa sa lugar na yaon.

77. Ipabatid mo, O Muhammad (ﷺ), na ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya pinagtutuunan ng pansin ang mga tao, kung hindi lamang sa kanilang panalangin bilang pagsamba at kahilingan, na walang pag-aalinlangan, na tumanggi kayo, O kayong mga walang pananampalataya, at walang pag-aalinlangan na ang inyong pagtanggi ang magtutulak sa inyo sa parusa na kung saan doon kayo ay mananatili, at wawasakin kayo rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

سورة الشعراء 26

XXVI – Surât Ash-Shu`arâ`

[**Kabanata Ash-Shu`arâ`** – Ang Mga Manunula]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. *Tâ-Sĩn-Mĩm* – Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Ito ay mga talata ng Dakilang Qur'ân na nililinaw ang lahat ng bagay at pinaghihiwalay ang Patnubay sa Pagkaligaw.

3. Maaari, O Muhammad (ﷺ), na maipahamak mo ang iyong sarili dahil sa tindi ng iyong pagsusumikap na gabayan sila; gayong sa katotohanan, hindi sila naniniwala sa iyo at hindi nila sinusunod ang iyong patnubay, na kung kaya, huwag mo itong gawin (huwag mong ipahamak ang iyong sarili).

4. Kung nanaisin Namin ay magbababa Kami ng himala mula sa kalangitan para sa mga walang pananampalataya mula sa iyong sambayanan na tatakutin sila upang sila ay mapilitang maniwala, na kung kaya, iyuyuko nila ang kanilang mga leeg sa iyo bilang pagpapakumbaba, subali't hindi Namin ito ninais; dahil walang pag-aalinlangan, ang kapaki-pakinabang na paniniwala ay ang paniniwala na taimtim sa di-nakikita na bukal sa kalooban.

5. At kailanman ay hindi nangyari na kapag may dumating na Paalaala sa kanila na mga walang pananampalataya at tumanggi, mula sa Pinakamahabaging Allâh (ﷻ), na ito ay ipinahayag mula sa Kanya nang paunti-unti na inuutusan sila na sumunod at

umiwas sa pinagbabawal, at pinaaalalahanan sila hinggil sa Tunay na '*Deen*,' kundi sila ay tumatalikod at tinatanggihan nila ito.

6. At katiyakan, tinanggihan nila ang Dakilang Qur'ân at minaliit nila ito, na kung kaya, walang pag-aalinlangan, darating sa kanila ang hinggil sa kung ano ang kanilang kinukutya at minamaliit, at mangyayari sa kanila ang parusa bilang kabayaran sa kanilang paghihimagsik laban sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

7-9. Di ba nila napagmasdan ang kalupaan at ito ay kanilang pinasinungalingan, na kung saan pinasibol Namin doon ang lahat ng kapaki-pakinabang na mga pananim, na walang sinuman ang may kakayahan na magpasibol nito bukod sa '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang? Dahil ang pagpapasibol nito mula sa kalupaan ay malinaw na palatandaan sa ganap na kapangyarihan ng Allâh (ﷻ), subali't hindi pa rin naniwala ang karamihan sa mga tao. At katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, Siya sa katotohanan ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan at Ganap na Makapangyarihan sa anuman na Kanyang nilikha, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal at saklaw ng Kanyang Awa ang lahat ng bagay.

10-11. At ipaalaala mo, Muhammad (ﷺ), sa iyong sambayanan, noong tinawag ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha si Mousã (عليه السلام), na Kanyang sinabi: "*Tumungo ka sa mga tao na masasama at sa sambayanan ni Fir`âwn*, *at sabihin mo sa kanila*, '*Hindi ba sila natatakot sa parusa ng Allâh* (ﷻ), *at iwasan kung gayon ang anuman na kanilang paglabag at pagkaligaw?*'"

12-14. Sinabi ni Mousã (عليه السلام): "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katiyakan*, *na ako ay nangangamba na tatanggihan nila ako sa aking mensahe*, *at maninikip ang aking dibdib sa pagdadalamhati dahil sa kanilang di-paniniwala sa akin*, *at hindi makapagsalita nang maayos ang aking dila para sa paghihikayat*, *na kung kaya*, *hinihiling ko na ipadala mo si Jibril na siyang tagapagdala ng* '*Wahee*' (*o Rebelasyon*) *tungo sa aking kapatid na si Hâroun*; *upang siya ay makatulong ko sa pagpaparating ng mensahe. At mayroon akong kasalanan sa kanila na ito ay ang pagpatay ng isang tao na mula sa kanila na siya ay isang Ehipsiyo*, *na kung kaya*, *natatakot ako na papatayin nila ako dahil dito*."

15-17. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Mousã (عليه السلام): "*Hindi maaaring mangyari na papatayin ka nila*, *at walang pag-aalinlangan*, *tinugunan Ko ang iyong kahilingan hinggil kay Hâroun*, *na kung kaya*, *pumunta kayong dalawa na dala-dala ang Aking mga himala na nagpapatunay ng inyong pagiging totoo*, *at Ako ay kasama ninyo*, *sa pamamagitan ng Aking Ganap na Kaalaman*, *Pangangalaga at Pagtulong na Ganap na Nakakarinig sa inyo*." Na kung kaya, tumungo kayo kay Fir`âwn at sabihin

ninyong dalawa sa kanya: "*Katotohanan*, *kaming dalawa ay ipinadala sa iyo at sa iyong sambayanan mula sa* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha*. *Na kung kaya*, *pabayaan mo ang mga angkan ni Isrâ`îl*; *upang sila ay mapasama sa amin*."

18-19. Sinabi ni Fir`âwn kay Mousã (عليه السلام) bilang panunumbat: "*Hindi ba inalagaan ka namin noong maliit ka pa sa aming tahanan*, *at nanatili ka sa aming pangangalaga nang maraming taon sa iyong buhay*, *at nakagawa ka ng kasalanan sa pamamagitan ng pagpatay ng isang tao mula sa aking lahi noong ito ay iyong pinalo at tinulak*, *at ikaw ay kabilang sa hindi pinahalagahan ang aking biyaya sa iyo at tinanggihan ang aking pagiging panginoon?*"



20-22. Sinabi ni Mousã (عليه السلام) bilang pagtugon kay Fir`âwn: "*Nagawa ko ang mga nabanggit noong hindi pa naibigay ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *ang kapahayagan sa akin at pinadala Niya bilang Sugo*, *at umalis ako sa inyong tahanan na tumatakas tungo sa Madyan noong ako ay natakot na papatayin ninyo dahil sa aking ginawa na hindi ko naman sinadya*, *at pinagkalooban ako ng aking* '*Rabb*' *mula sa Kanyang Kagandahang-Loob ng pagiging Propeta at kaalaman at ginawa Niya ako na kabilang sa Kanyang mga Sugo*. *At yaong aking paglaki sa iyong tahanan na itinuring mo na kagandahang-loob mula sa iyo*, *subali't sa katotohanan ay ginawa mo naman ang mga angkan ni Isrâ`îl na mga alipin na pinapatay mo ang kanilang mga anak na kalalakihan at inilalaan mong buhay ang kanilang mga kababaihan?*"

23. Sinabi ni Fir`âwn kay Mousã (عليه السلام): "*Ano ba ang sinasabi mong* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha na iyan*, *na inaangkin mo na Siya ang nagsugo sa iyo?*"

24. Sinabi ni Mousã (عليه السلام): "*Siya ang Nagmamay-ari at Tagapangasiwa ng mga kalangitan at kalupaan at ang anuman ang nasa pagitan nito*, *kung kayo ay tiyak sa mga bagay na ito ay maniwala kayo*."

25. Sinabi ni Fir`âwn sa mga nakapalibot sa kanya na mga pinuno ng sambayanan: "*Naririnig ba ninyo ang nakapagtataka na sinasabi ni Mousã* (عليه السلام) *na mayroong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha bukod sa akin?*"

26. Sinabi ni Mousã (عليه السلام): "*Ang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na tungo sa Kanya kayo ay aking hinihikayat*, *ay Siya ang lumikha sa inyo at lumikha noon ng inyong mga ninuno*, *kung gayon*, *paano ninyo sasambahin ang sinumang nilikha rin lamang na katulad ninyo*, *na mayroon din siyang mga yumaong ninuno na katulad din ng inyong mga ninuno?*"

27. Sinabi ni Fir`âwn sa mga piling-piling tauhan niya upang pagalitin sila; dahil sa pagpapasinungaling ni Mousã (عليه السلام) sa kanya: "*Katiyakan*, *ang Sugo na ipinadala sa inyo ay nasiraan ng bait*, *na nagsasabi ng mga salita na hindi naiintindihan.*"

28. Sinabi ni Mousã (عليه السلام): "*Siya ang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng silangan at kanluran*, *at ang anuman na nasa pagitan nito*, *at ang pagkakaroon ng liwanag at kadiliman na kung saan nagdudulot ng paniniwala sa Kanya na Bukod-Tangi*, *kung kayo ay nakaiintindi at nakauunawa.*"

29. Sinabi ni Fir`âwn kay Mousã (عليه السلام) bilang babala: "*Kung sasamba ka ng ibang* '*ilâh*' *– diyos na sinasamba – bukod sa akin ay ikukulong kita kasama ng aking mga ikinulong*."

30. Sinabi ni Mousã (عليه السلام): "*Isasama mo ba ako sa mga nakakulong*, *kahit magpakita pa ako sa inyo ng matibay na katibayan na nagpapatunay ng aking pagiging totoo?*"

31. Sinabi ni Fir`âwn: "*Dalhin mo samakatuwid ang katibayan*, *kung ikaw ay kabilang sa mga nagsasabi ng katotohanan sa iyong pag-aangkin*."

32-33. Inihagis ni Mousã (عليه السلام) ang kanyang tungkod at naging ahas na tunay, na hindi panlilinlang lamang na katulad ng ginagawa ng mga salamangkero, at inilabas niya ang kanyang kamay mula sa kanyang bulsa at ito ay naging maputing-maputi na katulad ng kulay yelo na hindi naman ketong, na naging kamangha-mangha sa mga nakakita.

34-35. Sinabi ni Fir`âwn sa mga matataas mula sa kanyang sambayanan na nangangamba na baka sila ay maniwala: "*Katiyakan*, *si Mousã* (عليه السلام) *ay dalubhasa na salamangkero*, *na nais niyang alisin kayo sa pamamagitan ng kanyang salamangka mula sa inyong bayan*, *na kung kaya*, *anuman ang inyong maipapayo sa akin hinggil sa kanya ay gagawin ko para sa inyo.*"

36-37. Sinabi sa kanya ng kanyang sambayanan: "*Ipagpaliban mo ang hinggil kay Mousã* (عليه السلام) *at saka kay Hâroun* (عليه السلام), *at pansamantala na magpadala ka ng mga sundalo sa mga siyudad upang ipunin ang mga salamangkero*, *at dadalhin sa iyo ang lahat ng mga magagaling na salamangkero na dalubhasa sa ganitong larangan*."

38-39. Inipon ang mga salamangkero at nagtakda ng panahon, na ipinaalam na ito ay sa araw ng pagdiriwang (o pista) na batid ng lahat na ito ay sa umaga, na ang lahat ng tao ay walang trabaho sa araw na yaon, at sila ay magtitipun-tipon at magpapalamuti, at doon sila na mga salamangkero ay makikipagtagpo kay Mousã (عليه السلام). At inutusan ang mga tao na magtipun-tipon; sa pag-asa na ang mananalo ay ang mga salamangkero.



40. Katiyakan, kami ay umaasam na mananalo ang mga salamangkero upang kami ay manatili sa aming relihiyon.

41. At nang dumating ang mga salamangkero kay Fir`âwn, kanilang sinabi sa kanya: "*Kung gayon*, *mayroon ba kaming gantimpala na yaman man o posisyon kung matatalo namin si Mousã?*"

42. Sinabi ni Fir`âwn: "*Oo*, *nasa akin ang inyong hiniling na gantimpala*, *at walang pag-aalinlangan*, *kung gayon*, *sa pagkakataong yaon ay magiging kabilang kayo sa mga malalapit sa akin*."

43. Sinabi ni Mousã (عليه السلام) sa mga salamangkero, na ang nais niya sa kanila ay mawalan ng saysay ang kanilang mga salamangka at ipamumulat na ang kanilang dala-dala ay salamangka lamang: "*Ihagis ninyo ang anumang nais ninyong ihagis na mga salamangka.*"

44. Inihagis nila ang kanilang mga lubid at mga tungkod, na iisipin ng mga tao na nakakita bilang malikmata na ito ay mga ahas na gumagapang, at sila ay sumusumpa sa kadakilaan ni Fir`âwn na kanilang sinabi: "*Walang pag-aalinlangan*, *na kami ay mananalo.*"

45. Inihagis ni Mousã (عليه السلام) ang kanyang tungkod, at ito ay naging dambuhalang ahas, na tinuklaw nito ang anuman na kanilang ipinakita na mga kasinungalingan at panlilinlang.

46-48. At nang makita nila ito, napag-alaman nila na ito ay hindi pala panlilinlang na salamangka, na kung kaya, sila ay naniwala sa Allâh (سبحانه وتعالى) at nagpatirapa sila para sa Kanya at kanilang sinabi: "*Naniwala na kami sa* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha*, *na Siyang 'Rabb*' *ni Mousã* (عليه السلام) *at Hâroun* (عليه السلام)."

49. Sinabi ni Fir`âwn sa mga salamangkero bilang pagtataka sa kanilang ginawa: "*Naniwala kayo kaagad kay Mousã* (عليه السلام) *nang hindi ko kayo pinahintulutan*," at kanyang sinabi bilang pagpapahiwatig pa rin na ang ginawa ni Mousã (عليه السلام) ay salamangka: "*Katiyakan*, *siya pala ang pinuno ninyo na nagturo sa inyo ng salamangka*, *kung gayon*, *walang pag-aalinlangan*, *mababatid ninyo ang anumang parusa na ipapataw ko sa inyo*: *walang pag-aalinlangan*, *puputulin ko ang inyong mga kamay at ang mga paa nang magkabila*, *na puputulin ang kanang kamay at ang kaliwang paa o ang kabaligtaran nito*, *at akin kayong ibibitin lahat sa puno*."

50-51. Sinabi ng mga salamangkero kay Fir`âwn: "*Wala nang halaga sa amin kung anuman ang iyong gagawing parusa sa amin dito sa daigdig*, *dahil walang pag-aalinlangan*, *kami ay magbabalik sa aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na pagkakalooban kami ng kasiyahan na walang-hanggan. At walang pag-aalinlangan*, *na kami ay umaasam na nawa'y mapatawad kami ng aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa ginawa naming pagsamba ng iba bukod sa Kanya at sa iba pa*; *dahil kami ay mga unang naniwala mula sa iyong sambayanan.*"

52. At ipinahayag ng Allâh (سبحانه وتعالى) kay Mousã (عليه السلام) ang utos: "*Paalisin mo sa gabi ang sinumang naniwala sa iyo mula sa angkan ni Isrâ`îl*; *dahil si Fir`âwn at ang kanyang sundalo na susunod sa inyo ay hindi nila kayo maaabutan bago makarating sa karagatan.*"

53. Inutusan ni Fir`awn ang kanyang mga sundalo noong nalaman niya ang pag-alis ng mga angkan ni Isrâ`îl na ipunin ang mga sundalo mula sa iba't ibang bayan sa kanyang kaharian.

54-56. Sinabi ni Fir`âwn: "*Katiyakan*, *ang angkan ni Isrâ`îl na tumakas kasama si Mousã* (عليه السلام) *ay isang walang halaga at maliit lamang na grupo*, *at sila sa katotohanan ay ginalit tayo nang matinding galit*; *dahil sa nilabag nila ang ating relihiyon*, *at sila ay umalis na wala tayong pahintulot*, *at tayo namang lahat ay palaging nakahanda para labanan sila*."

57-59. At pinaalis ng Allâh (سبحانه وتعالى) si Fir`âwn at ang kanyang sambayanan mula sa bayan ng Ehipto na maraming mga hardin at mga ilog at imbakan ng mga kayamanan at bawa't uri ng magagandang tahanan. At kung paano Namin sila pinaalis ay sinanhi naman Namin na maging tagapagmana ng kanilang mga tahanan pagkawala nila ang mga angkan ni Isrâ`îl.

60. At sinundan ni Fir`âwn at ng kanyang mga sundalo si Mousã (عليه السلام) at ang sinuman na kasama niya at sila ay naabutan nila sa oras ng pagsikat ng araw.

61. At nang magkaharap ang dalawang grupo, sinabi ng mga kasama ni Mousã: "*Walang pag-aalinlangan*, *tayo ay maaabutan na ng mga kasama ni Fir`âwn at mapapahamak na tayo*."

62. Sinabi ni Mousã (عليه السلام) sa kanila: "*Hindi maaari na mangyari ang inyong sinasabi dahil hindi maaaring maabutan kayo*; *dahil walang pag-aalinlangan*, *kasama ko ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na Siyang tumutulong sa akin*, *at walang pag-aalinlangan*, *gagabayan Niya ako sa kaparaanan na ako ay makaliligtas at gayundin kayo.*"

63. At pagkatapos ay ipinahayag Namin kay Mousã (عليه السلام) na ihampas niya ang kanyang tungkod sa karagatan, na kung kaya, ito ay kanyang inihampas, at dahil doon ay nabiyak ang karagatan ng labingdalawang daan na kasing dami ng bilang ng tribo ng angkan ni Isrâ`îl, na ang bawa't biyak nito ay kasinglaki ng malaking bundok.

64-66. At pagkatapos noon ay inilapit Namin si Fir`âwn at ang kanyang sambayanan doon hanggang sa sila ay nakapasok sa karagatan, at Aming iniligtas si Mousã (عليه السلام) at ang lahat ng kanyang mga kasamahan. At patuloy ang karagatan sa pagkakabiyak nito hanggang sa sila ay makatawid, pagkatapos ay nilunod Namin si Fir`âwn at ang kanyang mga kasama sa pamamagitan ng pagtiklop ng karagatan sa kanila pagkatapos nilang pumasok sa loob ng karagatan at sundan si Mousã (عليه السلام) at ang kanyang mga kasama.

67. Katotohanan, dito sa pangyayaring ito, ang kamangha-manghang aral na nagpapatunay sa kapangyarihan ng Allâh (سبحانه وتعالى), at gayunpaman ay hindi pa rin naniwala ang karamihan sa mga tagasunod ni Fir`âwn kahit na ganito na kalinaw ang kamangha-manghang palatandaan.

68. At katiyakan, ang Allâh na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, Siya sa katotohanan ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal, at dahil sa Kanyang kapangyarihan ay pinuksa Niya ang mga hindi naniwala na tumanggi at dahil sa Kanyang Awa at Pagmamahal ay iniligtas Niya si Mousã (عليه السلام) at ang lahat ng kanyang mga tagasunod.

69-70. At ikuwento mo sa mga walang pananampalataya, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento ni Ibrâhim (عليه السلام) noong kanyang sinabi sa kanyang ama at sa kanyang sambayanan: "*Ano ba ang inyong sinasamba?*"

71. Kanilang sinabi: "*Ang sinasamba namin ay mga rebulto na kami ay taimtim sa pagsamba sa mga ito.*"

72-73. Sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام) bilang pagpapaalaala sa mali nilang kinaaanibang relihiyon: "*Naririnig ba nila ang inyong panalangin kapag kayo ay nanalangin sa kanila*, *o di kaya ay nagdudulot ba sila ng kapakinabangan sa inyo kapag sila ay sinasamba ninyo*, *o di kaya ay nakapagdudulot ba sila ng kapinsalaan sa inyo kung sakaling hindi kayo sasamba sa kanila?*"

74. Kanilang sinabi: "*Walang anuman ang nangyari sa mga nabanggit mo*, *subali't natagpuan namin ang aming mga ninuno na sinasamba ang mga ito*, *na kung kaya*, *sinunod namin sila sa anuman na kanilang ginagawa*."

75-82. Sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام): "*Pinagmamasdan ba ninyong mabuti ang sinasamba ninyo na mga rebulto na ang mga ito ay hindi nakakarinig*, *hindi nakapagbibigay ng kapakinabangan ni nakapipinsala*, *kayo at ang inyong mga ninuno na nauna sa inyo noon? Katiyakan*, *ang inyong mga sinasamba bukod sa Allâh ay aking mga kalaban*, *dahil ang Nagmamay-ari nito ang Siyang Bukod-Tangi lamang na aking sinasamba. Siya ang Lumikha sa akin sa pinakamagandang anyo*, *kaya Siya rin ang naggagabay sa akin tungo sa anumang aking ikabubuti rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay*, *at Siya rin ang nagbibigay sa akin ng biyaya na pagkain at inumin*, *at kapag may dumapo sa aking sakit ay Siya rin ang nagpapagaling sa akin mula sa sakit na ito*, *at Siya rin ang kukuha ng aking kaluluwa sa oras ng aking kamatayan dito sa daigdig*, *at pagkatapos ay bubuhayin Niya ako na mag-uli sa Araw ng Muling Pagkabuhay*, *na walang sinuman na may kakayahan na gawin ito bukod sa Kanya*, *at sa Kanya ako'y umaasam na nawa'y mapatawad Niya sa akin ang aking mga pagkakasala sa Araw ng Pagbabayad.*"

83. Sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام) bilang panalangin sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha: "*Pagkalooban mo ako ng kaalaman at pagkakaunawa* (*sa mga bagay-bagay*), *at ibilang Mo ako sa antas ng mga mabubuti*, *at isama Mo ako sa kanila sa* '*Al-Jannah.*'

84. "*At ipagkaloob Mo sa akin ang pagpupuri at kagalang-galang na pag-alaala ng mga susunod na mga henerasyon na darating pagkatapos ko hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay*.

85. "*At gawin Mo ako na kabilang sa Iyong mga alipin na magmamana ng kaluguran sa* '*Al-Jannah*.'

86. "*At patawarin Mo ang aking ama sa kanyang pagsamba ng iba bukod sa Iyo*, *at huwag Mo siyang parusahan para rito*, *dahil siya ay napabilang sa mga naligaw mula sa Daan ng Patnubay kaya siya ay tumanggi sa Iyo.*" Ito ay bago malaman ni Ibrâhim (عليه السلام) na ang kanyang ama ay kalaban ng Allâh, subali't noong malaman niya na siya ay kalaban ng Allâh ay inialis na niya ang kanyang pananagutan sa kanya.

87-89. At huwag Mo akong ipahiya sa Araw ng Pagbangon na mag-uli ng mga tao mula sa kanilang mga libingan para sa paghuhukom at pagbabayad, sa Araw na wala nang pakinabang ang kayamanan at mga anak sa sinumang alipin ng Allâh, maliban sa kanya na dumating sa Allâh (سبحانه وتعالى) na malinis ang kanyang kalooban, ligtas sa anumang di-paniniwala, pagkukunwari at sa mga karumal-dumal na gawain.

90. At dadalhin ang '*Al-Jannah*' sa mga yaong naniwala at umiwas sa paggawa ng mga kasalanan, na sila ay humarap sa Allâh (سبحانه وتعالى) bilang pagsunod.

91. At ilalantad ang Impiyerno sa mga walang pananampalataya na sila ay yaong mga naligaw mula sa patnubay, at naglakas-loob na gumawa ng ipinagbabawal ng Allâh (سبحانه وتعالى) at pinasinungalingan ang Kanyang mga Sugo.

92-93. Sasabihin sa kanila bilang pag-aalipusta: "*Nasaan na ang inyong mga diyus-diyusan na inyong sinamba bukod sa Allâh at inaangkin ninyo na sila ay mamamagitan sa inyo ngayon? Tutulong ba sila sa inyo at ililigtas kayo mula sa kaparusahan*, *o di kaya ay magtatagumpay ba sila upang mailigtas nila ang kanilang mga sarili sa kaparusahan? Walang anuman ang mangyayari sa mga ito.*"

94-95. Titipunin silang lahat at itatapon sa Impiyerno, sila at ang kanilang mga iniligaw at maging ang mga sundalo ni Iblees (‘*Shaytân*’) na sila ang naghikayat sa kanila na gumawa ng masama, na walang sinuman sa kanilang lahat ang maliligtas.

96-99. Sasabihin nila bilang pag-amin sa kanilang kamalian, habang sila ay nasa Impiyerno na nakikipagtalo sa mga nagligaw sa kanila: “*Sumusumpa kami sa Allâh*, *noong kami ay nasa daigdig ay katotohanang nasa malinaw na malinaw kaming pagkaligaw*; *noong ipinantay namin kayo sa* ‘*Rabb*’ *ng lahat ng mga nilikha*, *na Siya lamang ang bukod-tangi na may karapatang sambahin. At walang sinuman ang nagpahamak sa amin dito sa masama naming kinalalagyang ito kundi ang mga makasalanan na sila ang naghikayat sa amin sa pagsamba ng iba bukod sa Allâh at sinunod namin sila.*

100-101. “*Na kung kaya*, *wala nang sinuman ang makakapamagitan sa amin at magliligtas sa amin mula sa kaparusahan*, *at wala nang magmamahal at maaawa sa amin.*

102. “*Na kung kaya*, *sana ay makabalik pa kami sa daigdig at maging kabilang kami sa mga mananampalataya na makaliligtas.*”

103-104. Katiyakan, sa kuwento ni Ibrâhim ay may mga aral na makukuha sa sinumang may nais na makakuha ng aral, at hindi pa rin naniwala ang karamihan sa nakarinig sa kuwentong ito. Katiyakan, ang iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, Siya sa katotohanan ay ‘***Al-`Azeez***’ – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na may kakayahang gumanti sa mga tumanggi, na ‘***Ar-Raheem***’ – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Kanyang mga alipin na mga mananampalataya.

105-110. Pinasinungalingan ng sambayanan ni Nûh ang mensahe ng kanilang Propeta, at dahil sa ganitong ginawa nila ay tinanggihan nila ang mensahe ng mga Sugo; dahil sa bawa’t Sugo ay nag-uutos na paniwalaan ang lahat ng mga Sugo.

Nang sinabi sa kanila ng kanilang kapatid na si Nûh (عليه السلام): “*Hindi ba nararapat na matakot kayo sa Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagsamba ng iba bukod sa Kanya? Katiyakan*, *ako ay pinagkatiwalaang Sugo sa inyo at sa anumang aking ipaparating sa inyo*, *na kung kaya*, *maniwala kayo*, *upang ang paniniwalang ito ay siyang magliligtas sa inyo mula sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ), *at sundin ninyo ako sa anumang ipinag-utos ko sa inyo na pagsamba sa Kanya na bukod-tangi*.

“*At hindi ako humihingi sa inyo ng anumang kabayaran bilang kapalit ng pagpaparating ng aking mensahe*, *dahil ang paggagantimpala ay nagmumula lamang*

sa Kanya na '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha*, *na Siya lamang ang Bukod-Tanging Tagapangasiwa ng Kanyang mga nilikha*, *kaya matakot kayo sa Kanyang parusa*, *at sumunod kayo sa akin sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas ng Kanyang ipinagbabawal*."

111. Sinabi sa kanya ng kanyang sambayanan: "*Paano kami maniniwala sa iyo at susunod*, *gayong ang sumunod lamang sa iyo ay mga mababang uri ng tao?*"

112. Tinugon sila ni Nûh (عليه السلام) at kanyang sinabi: "*Hindi ako pinag-utusan na alamin kung ano ang kanilang ginagawa kundi ang ipinag-utos lamang sa akin ay hikayatin sila upang maniwala. At ang pinagba-batayan ay paniniwala at hindi posisyon*, *lahi*, *kakayahan o kagalingan sa anumang larangan.*

113. "*Ang huhukom sa kanila para sa pagbabayad sa kanilang gawain at sa anumang niloloob nila ay walang iba kundi ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na Siyang Ganap na Nakababatid ng kanilang mga lihim*, *kung nauunawaan lamang ninyo ito ay hindi kayo magsasabi ng ganito*.

114-115. "*At kailanman ay hindi ko ipagtatabuyan ang mga yaong naniwala sa aking paanyaya*, *anuman ang kanilang katayuan sa buhay*; *para lamang tugunan ang inyong kagustuhan nang sa gayon ay maniwala kayo sa akin. Ako ay isang tagapagbabala lamang na malinaw ang aking ibinababala*."

116. Mula sa pakikipag-usap ay binago ng sambayanan ni Nûh (عليه السلام) ang paraan ng pakikipagharap tungo sa pakikipaghamon at kanilang sinabi sa kanya: "*Kapag hindi mo itinigil*, *O Nûh*, *ang paghihikayat mo sa amin ay magiging kabilang ka sa mga papatayin sa pamamagitan ng pagbabato*."

117-118. At nang marinig ni Nûh ang kanilang sinabi, siya ay nanalangin sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at kanyang sinabi: "*O aking Rabb! Katiyakan*, *ang aking sambayanan ay nagpupumilit sa pagtanggi sa akin*, *na kung kaya*, *pagpasiyahan Mo na ang pagitan namin ng hatol na pupuksain Mo ang sinumang tumanggi sa Iyong Kaisahan at nagpasinungaling sa Iyong Sugo*, *at iligtas Mo ako at ang mga yaong naniwala sa anumang kaparusahang igagawad Mo sa mga walang pananampalataya*."

119. Na kung kaya, iniligtas Namin siya at ang mga nanampalataya tungo sa Arka na kung saan isinakay doon ang lahat ng uri ng nilikha ng Allâh (ﷻ) na kasama niya.

120. Pagkatapos ay Aming nilunod ang mga walang pananampalataya mula sa kanyang sambayanan at tinanggihan ang pagpapayo pagkatapos Naming iligtas si Nûh (عليه السلام) at ang sinumang kanyang kasama na nanatili sa katotohanan.

121. Katiyakan, sa kuwento ni Nûh at sa sinumang nakaligtas na mga mananampalataya at sa pagkawasak ng mga tumanggi ay isang palatandaan at mga dakilang aral sa sinumang dumating pagkatapos nila, subali't ang karamihan sa mga nakarinig ng kuwentong ito ay hindi naniwala sa Allâh, sa Kanyang Sugo at sa Kanyang Batas.

122. At katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, Siya sa katotohanan ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na May Ganap na Kakayahan na gantihan ang sinumang tumanggi at lumabag sa Kanyang kagustuhan, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa sinumang nagsisisi at nagbalik-loob sa Kanya na di na paparusahan pagkatapos niyang magsisi.

123. Pinasinungalingan ng sambayanan ni `Âd ang kanilang Sugo na si Hûd (عليه السلام) na ang ganitong pagtanggi ay nangangahulugan na pagtanggi sa lahat ng mga Sugo; dahil sa ang pinakapundasyon ng kanilang mensahe ay iisa lamang.

124-127. Nang sinabi sa kanila ng kanilang kapatid na si Hûd (عليه السلام): "*Hindi ba kayo natatakot sa Allâh* (ﷻ) *upang maging taimtim ang inyong pagsamba lamang sa Kanya? Dahil walang pag-aalinlangan*, *ako ay ipinadala sa inyo upang patnubayan at gabayan kayo*, *at pangangalagaan ko ang mensahe ng Allâh* (ﷻ) *at ito ay ipaparating ko sa inyo ayon sa kung paano ang ipinag-utos sa akin*, *na kung kaya*, *matakot sa parusa ng Allâh at sumunod kayo sa akin sa anuman na mensahe na dala-dala ko sa inyo mula sa Allâh* (ﷻ). *At hindi ako humihingi ng kahit na anumang kapalit sa pagpatnubay ko sa inyo tungo sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ), *dahil ang aking gantimpala ay nagmumula lamang sa Allâh* (ﷻ) *na* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha*.

128-130. "*Nagtatayo ba kayo sa bawa't mataas o kilalang lugar ng matayog na gusali upang kayo ay mag-abang doon ng mga dumaraan para hamakin? At ito ay walang kabuluhan na gawain at pag-aaksaya lamang ng panahon na wala kayong anumang makakamtan na pakinabang sa inyong relihiyon o sa makamundo man*, *at gumagawa kayo ng mga matatatag na gusali at panangga na parang inaakala ninyo na wala kayong kamatayan dito sa daigdig*, *at kapag nakubkob ninyo ang iba sa mga*

lugar (*na inyong nililusob*) *na pinatay man ninyo sila o sinaktan ay ginagawa ninyo ito na may pagmamalupit at may pang-aapi*.

131-134. "*Kung gayon ay matakot kayo sa Allâh* (ﷻ) *at sumunod kayo sa anumang panghihikayat ko sa inyo dahil ito ang higit na pakikinabangan ninyo*, *matakot kayo sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang nagkaloob sa inyo ng iba't ibang uri ng biyaya na ito ay batid ninyo*, *at pinagkalooban kayo ng mga hayop*: *kamelyo*, *baka at kambing*, *at pinagkalooban* (*din*) *kayo ng mga anak*, *at pinagkalooban* (*din*) *kayo ng mga hardin na mga malalago at masagana*, *at mga bukal na umaagos.*"

135. Sinabi ni Hûd (عليه السلام) bilang babala sa kanila: "*Katiyakan*, *ako ay natatakot na kapag kayo ay nagpumilit sa inyong pagtanggi*, *pang-aapi at pagbabalewala sa mga biyaya ng Allâh* (ﷻ) *na pababababain Niya sa inyo ang Kanyang parusa na matindi sa Dakilang Araw.*"

136. Sinabi nila sa kanya: "*Pareho lang sa amin kung takutin mo o pabayaan mo kami dahil kailanman ay hindi kami maniniwala at susunod sa iyo*."



137-138. At kanilang sinabi: "*Ang aming kaparaanan ay kung ano rin ang paniniwala ng mga naunang henerasyon at kanilang kinagawian*, *na kung kaya*, *hindi kami paparusahan sa anumang ginagawa namin na siyang ibinababala mo sa amin na parusa.*"

139-140. At sila'y nanatili sa kanilang pagtanggi, na kung kaya, winasak sila ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng hangin na napakalamig. Katiyakan, sa pagkawasak na ito sa kanila ay aral sa sinumang susunod pa sa kanila, subali't ang karamihan sa nakarinig ng kuwento hinggil sa kanila ay hindi naniwala sa iyo. At katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, Siya sa katotohanan ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan, na nangingibabaw ang anuman na Kanyang nais na pagpuksa sa mga tumanggi, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa mga mananampalataya.

141. Pinasinungalingan ng angkan ni Thamoud ang kanilang kapatid na si Sâleh (عليه السلام) sa kanyang mensahe at pag-aanyaya sa kanila tungo sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), na kung kaya, sa gayong kadahilanan ay pinasinungalingan din nila ang lahat ng mga Sugo; dahil silang lahat ay nag-anyaya tungo sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ).

142-145. Noong sinabi sa kanila ng kanilang kapatid na si Sâleh (عليه السلام): "*Di ba nararapat na matakot kayo sa parusa ng Allâh* (ﷻ), *nang sa gayon ay Siya lamang ang inyong sasambahin? Katiyakan*, *ako ay Sugo na mula sa Allâh* (ﷻ) *para sa inyo*, *na pinangangalagaan ko ang mensaheng ito ayon sa kung paano ko ito tinanggap mula sa Allâh* (ﷻ), *na kung kaya*, *matakot kayo sa parusa ng Allâh* (ﷻ), *at tugunan ninyo ang aking paanyaya sa inyo. At wala akong hinihingi sa inyo na anuman na kapalit sa aking pagpapayo at pagpapatnubay sa inyo*, *dahil ang anuman na aking gantimpala ay nagmumula lamang sa Allâh* (ﷻ), *na* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha.*

146-149. "*Hahayaan kaya kayo ng inyong* '*Rabb*' *sa inyong kinalalagyan na mga biyaya na kayo ay mananatili sa mundong ito na ligtas sa anumang parusa na pagkawasak at kamatayan? Na kayo ay nasa mga hardin na namumunga nang masagana at mga ilog na umaagos at mga maraming pananim at mga puno ng palmera ng mga* '*Thamr*' (*o datiles*), *na ang mga bunga nito ay malambot na kumpul-kumpol*, *at inuukit ninyo ang mga kabundukan bilang inyong mga tahanan na dalubhasa kayo sa pag-ukit nito na kayo ay magagaling sa ganitong larangan*, *na ito ay inyong pinagmamayabang*.

150-152. "*Na kung kaya*, *katakutan ninyo ang parusa ng Allâh* (ﷻ), *at tanggapin ninyo ang aking pagpapayo*, *at huwag kayong sumunod sa kagustuhan ng mga nagmamalabis sa kanilang mga sarili na sukdulan ang kanilang paglabag sa Allâh* (ﷻ), *na sila ay nagkalat ng kasamaan sa kalupaan bilang kapinsalaan na ayaw nilang baguhin ang kanilang mga sarili*."

153-154. Sinabi ng sambayanan ni Thamoud sa kanilang Propeta na si Sâleh (عليه السلام): "*Ikaw ay walang iba kundi kabilang sa mga yaong tinamaan ng matinding salamangka na ito na ang nanaig sa iyong kaisipan. At ikaw ay isang tao lamang na kabilang sa amin na tao rin mula sa angkan ni Âdam*, *na kung kaya*, *paano ka magiging lamang sa amin sa pagiging Sugo? Kung gayon*, *magpakita ka ng malinaw na palatandaan na nagpapatunay na totoo ang iyong mensahe*, *kung ikaw ay totoo sa iyong pag-aangkin na ang Allâh* (ﷻ) *ay ipinadala ka bilang Sugo sa amin*."

155-156. Sinabi sa kanila ni Sâleh – na sa katotohanan ay dala-dala niya sa kanila ang babaeng kamelyo na pinalitaw ng Allâh (ﷻ) mula sa malaking bato – :

"*Ito ay babaeng kamelyo ng Allâh* (ﷻ) *na ipinagkaloob sa kanya ang kanyang bahagi o karapatan na inuming tubig sa itinakdang araw at mayroon namang nakatakdang araw para kayo ay magkamit ng iyong kabahagi na* (*iinuming*) *tubig*. *At hindi kayo maaaring sumalok sa araw na yaon na nakatakda para sa kamelyo*, *at hindi rin ito makaiinom ng tubig sa araw na nakatakda para sa inyo*, *na kung kaya*, *huwag ninyong ipahamak ang babaeng kamelyo na ito sa anumang kaparaanan na tulad ng pananakit o di kaya ay pagpatay o di kaya ay ang anumang katulad nito*, *dahil kayo kung gayon ay pupuksain ng Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng Kanyang matinding kaparusahan sa dakilang araw*; *dahil sa anumang mangyayari sa Araw na yaon na kagimbal-gimbal*."

157. Subali't sinaksak nila ng patalim ang kamelyong babae, at pagkatapos ay pinagsisihan nila ito nang matinding pagdadalamhati dahil sa sila ay tiyak sa parusa ng Allâh (ﷻ), subali't wala nang pakinabang pa sa kanila ang pagsisising ginawa nila.

158. At ibinaba sa kanila ang parusa ng Allâh (ﷻ) na ibinabala sa kanila ni Sâleh at nawasak sila nang lubusan. Katiyakan, sa pagkawasak na ito ng angkan ni Thamoud ay isang aral sa sinuman ang makauunawa nito, subali't marami pa rin sa kanila na narating ng kuwento ang hindi naniwala.

159. At katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, Siya sa katotohanan ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na gumaganti sa Kanyang mga kalaban na tumanggi, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa sinumang naniwala mula sa Kanyang mga nilikha.



160. Pinasinungalingan ng sambayanan ni Lût ang kanyang pagiging Sugo, na kung kaya, ang ginawa nilang yaon ay nangangahulugan ng pagpapasinungaling sa lahat ng Sugo ng Allâh; dahil ang dala-dala nilang lahat ay mensahe ng Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at ang pinakapundasyon ng mga alituntunin ng mga batas ay iisa lamang.

161-164. Noong sinabi sa kanila ng kanilang kapatid na si Lût (عليه السلام): "*Hindi ba kayo natatakot sa parusa ng Allâh* (ﷻ)*? Katiyakan*, *ako ay Sugo na mula sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na mapagkakatiwalaan sa aking pagpaparating ng mensahe sa inyo*, *na kung kaya*, *matakot kayo sa parusa ng Allâh* (ﷻ) *dahil sa inyong pagpapasinungaling sa Kanyang Sugo*, *at sumunod kayo sa akin tungo sa aking paanyaya sa inyo*, *at hindi ako humihingi ng anumang kabayaran bilang kapalit ng aking pag-anyaya at pag-akay sa inyo*, *dahil ang aking gantimpala ay nasa Allâh* (ﷻ) *lamang na* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha*.

165-166. "*Nagsisitungo ba kayo bilang pagnanasa sa mga kapwa ninyo kalalakihan at pinawawalang-halaga ninyo ang anumang nilikha ng Allâh* (ﷻ), *na inyong mga asawang kababaihan*, *upang lumigaya at dumami kayo? Samakatuwid sa ganoong kasalanan na inyong ginagawa ay lumabag kayo sa anumang ipinahintulot ng Allâh tungo sa Kanyang mga ipinagbawal*."

167. Sinabi ng sambayanan ni Lût (عليه السلام): "*Kung hindi mo kami pababayaan sa pamamagitan ng pagbabawal mo sa amin*, *O Lût*, *sa mga isinasagawa ng aming pagnanasa sa kapwa namin kalalakihan at sa pagsabi mo na ang aming mga ginagawa ay karumal-dumal*, *ay magiging kabilang ka sa mga itinataboy mula sa bayan na ito*."

168. Sinabi ni Lût (عليه السلام) sa kanila: "*Katiyakan*, *ako sa anumang inyong ginagawang karumal-dumal na pagnanasa sa inyong kapwa kalalakihan*, *ay matindi ang aking galit.*"

169. Pagkatapos, nanalangin si Lût (عليه السلام) sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, noong mawalan na siya ng pag-asa na tugunan nila ang kanyang paanyaya at kanyang sinabi: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Iligtas mo ako at ang aking pamilya sa anumang karumal-dumal na gawain ng aking sambayanan*, *at sa parusa na Iyong igagawad sa kanila*."

170-171. Na kung kaya, iniligtas Namin siya at ang kanyang pamilya, at ang sinumang tumugon sa lahat ng kanyang paanyaya, maliban sa matandang babae na mula sa kanyang pamilya na ito ay ang kanyang asawa, dahil siya ay hindi naniwala sa Allâh (سبحانه وتعالى) kasama sa kanila, na kung kaya, naging kabilang siya sa nanatili na pinarusahan at winasak.

172-173. Pagkatapos ay winasak Namin ang iba pa na mga hindi naniwala nang matinding pagkawasak at ibinaba Namin sa kanila mula sa kalangitan ang mga bato na parang ulan na siyang nagpuksa sa kanila, na kung kaya, napakasama ng ulan na ibinabala ng mga Sugo sa mga tao, na ito ay hindi nila pinaniwalaan; dahil walang pag-aalinlangan, ibinaba sa kanila ang pinakamatindi sa lahat ng pagpuksa at pagwasak!

174. Katiyakan, sa ganoong pagpaparusa na nangyari sa sambayanan ni Lût ay aral at payo na nararapat na maging aral sa mga tumanggi, subali't magkagayunpaman ay hindi pa rin naniwala ang karamihan sa kanila.

175. At katiyakan, ang Allâh (سبحانه وتعالى) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, Siya sa katotohanan ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na nagagapi Niya ang mga walang pananampalataya, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Kanyang mga alipin na mga mananampalataya.

176-180. Pinasinungalingan ng mga taga-'*Aykah*' – na sila ang mga yaong nanirahan sa lugar na maraming punong malalago – ang kanilang Sugo na si Shu`ayb (عليه السلام) sa kanyang mensahe, na samakatuwid, sa gayong kaparaanan ay pinasinungalingan nila ang lahat ng mga mensahe ng mga Sugo. Noong sinabi sa kanila ni Shu`ayb (عليه السلام): "*Hindi ba kayo natatakot sa parusa ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *sa inyong mga kasalanan? Katiyakan*, *ako ay Sugo na mula sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *upang gabayan kayo*, *at pinangangalagaan ko ang ipinagkatiwala sa akin na ipinahayag ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *bilang*

mensahe, *na kung kaya*, *matakot kayo sa parusa ng Allâh* (ﷻ), *at sundin ninyo ang aking paanyaya sa inyo tungo sa gabay ng Allâh* (ﷻ); *upang mapatnubayan kayo*, *at hindi ako humihiling sa inyo ng anumang kabayaran sa aking pag-anyaya sa inyo tungo sa paniniwala sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ), *kundi ang aking gantimpala ay nasa Allâh* (ﷻ) *na* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha.*"

181-183. Sinabi sa kanila ni Shu`ayb – na walang pag-aalinlangang dinaraya nila ang timbang at sukat – : "*Kumpletuhin ninyo ang pagsukat ninyo sa inyong pagbebenta sa mga tao at buuin ninyo ang kanilang mga karapatan*, *at huwag kayong maging kabilang sa mga binabawasan nila ang karapatan ng mga tao sa pagsukat*, *at magtimbang kayo ng matuwid na timbangan*, *at huwag ninyong bawasan ng anuman ang karapatan ng mga tao sa sukat man o sa timbang at iba pa*, *at huwag kayong magkalat ng kapinsalaan sa kalupaan*, *sa pamamagitan ng pagsamba ng iba at pagtambal sa Allâh*, *pagpatay*, *pang-aagaw ng karapatan*, *pananakot sa mga tao at pagsagawa ng mga kasalanan.*



184. "*At katakutan ninyo ang parusa ng Allâh* (ﷻ) *na Siyang lumikha sa inyo at sa mga nauna sa inyo na mga henerasyong tao.*"

185-187. Kanilang sinabi: "*Ikaw*, *O Shu`ayb*, *ay kabilang lamang sa nasapian ng matinding salamangka*, *na kung kaya*, *nasiraan ka ng bait*, *at ikaw ay hindi kaiba sa amin kundi pareho rin namin na mga tao*, *na kung kaya*, *paano ka magiging kaiba sa amin sa pagbigay ng mensahe? At katiyakan*, *matindi ang aming hinala na ikaw ay kabilang sa mga sinungaling sa iyong pag-aangkin na ikaw ay Sugo. Kung gayon*, *kung ikaw ay totoo sa iyong pag-aangkin ng iyong pagiging Propeta*, *ay idalangin mo sa Allâh* (ﷻ) *na magpabagsak sa amin ng iba't ibang uri ng parusa na mula sa kalangitan na magwawasak sa amin*."

188. Sinabi sa kanila ni Shu`ayb (عليه السلام): "*Ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang* '**`Aleem**' *– Ganap na Nakaaalam sa anuman na inyong ginagawa na pagsamba ng iba at pagtatambal*, *at sa inyong mga kasalanan*, *at ang anumang karapat-dapat na parusa sa inyo.*"

189. Na samakatuwid ay nagpatuloy sila sa kanilang pagtanggi, kaya dumating sa kanila ang matinding init at sila ay naghahanap ng matatakasan para makasilong, at nililiman sila ng ulap, at nakatagpo sila ng lamig at magandang simoy ng hangin, at nang sila ay nagtitipun-tipon na sa ilalim ng lilim na ito ay bigla na lamang itong naglagablab na apoy at sinunog sila, na kung kaya, ito ang pagkawasak nilang lahat na Araw na Kagimbal-gimbal.

190. Katiyakan, sa pagpaparusang ito na nangyari sa kanila ay malinaw na palatandaan sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) bilang may kakayahang magparusa sa mga tumanggi at aral sa sinumang iintindi nito subali't magkagayunpaman ay hindi naniwala ang karamihan sa kanila na hindi ito naging aral sa kanila.

191. At katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, Siya sa katotohanan ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang pagpaparusa sa sinumang Kanyang ginagantihan mula sa Kanyang mga kalaban, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Kanyang mga alipin na naniwala sa Kanyang Kaisahan.

192-195. At walang pag-aalinlangan, ang Qur'ân na ito, na kung saan, isinalaysay dito ang mga totoong kuwento ay kapahayagan mula sa '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilikha, na Nagmamay-ari ng lahat ng bagay, na dinala ng '*Ruhul Ameen*' – ang Mapagkakatiwalaang Espiritu (o Espiritu ng Katotohanan) na si Anghel Jibril (عليه السلام) at kanya itong binigkas sa iyo, O Muhammad (ﷺ), hanggang sa ito ay naunawaan ng iyong puso na naisaulo at naintindihan; upang maging kabilang ka sa mga Sugo ng Allâh na binabalaan nila ang kanilang sambayanan hinggil sa parusa ng Allâh (ﷻ) at binabalaan mo sa pamamagitan ng Rebelasyong ito ang lahat ng tao at '*Jinn*.'

Ipinahayag ito sa iyo ni Anghel Jibril sa wikang '*Arabic*' na malinaw ang pakahulugan at malinaw ang tinutukoy na katibayan sa anumang kanilang pangangailangan sa pagtaguyod ng kanilang '*Deen*' at makamundong buhay.

196. At walang pag-aalinlangan na ang pagkapahayag sa Dakilang Qur'ân na ito ay naitala sa mga Aklat ng mga naunang mga Propeta, at naipamalita nila at pinatotohanan.

197. Hindi pa ba sapat sa kanila na ito ay katibayan na ikaw ay Sugo ng Allâh at ang Dakilang Qur'ân ay katotohanan, na ito ay batid ng mga paham ng mga angkan ni Isrâ`îl sa pagiging totoo nito at ang sinuman na naniwala mula sa kanila na katulad ni `Abdullâh Ibn Salâm?

198-201. At kung ipinahayag Namin ang Dakilang Qur'ân na ito sa alinman na mga hindi Arabo at binigkas niya sa kanila na mga walang pananampalataya na mga Quraysh nang tamang pagkabigkas na '*Arabic*' ay hindi pa rin sila maniniwala, at mangangatwiran sila sa kanilang pagtanggi. Samakatuwid, ganoon Namin sinasanhi na makapasok sa mga puso ng mga masasama ang pagtanggi sa Dakilang Qur'ân at ito ay kumapit na sa kanilang mga puso; at ito ay dahil sa kanilang pagiging masama at makasalanan, na kung kaya, wala nang kaparaanan pa upang sila ay magbago sa anumang kanilang katayuan na pagtanggi sa Dakilang Qur'ân hanggang sa danasin nila ang hirap na matinding kaparusahan na ipinangako sa kanila.

202-203. Na kung kaya, darating sa kanila ang parusa nang biglaan na sila ay walang kaalam-alam bago ito mangyari, at kanilang sasabihin habang sila ay nabigla sa

pagdating nito bilang pagsisisi sa anuman na sinayang nilang panahon na di-paniniwala: "*Kami ba ay mapagbibigyan pa ng palugit upang makapagsisi sa Allâh at humingi ng kapatawaran sa ginawa naming pagsamba ng iba*, *at mapagpunan pa namin ang anuman na aming pagkukulang?*"

204. Nalinlang ba sila sa inaasahan nilang palugit, na kung kaya, ipinamadali nila ang pagbaba ng parusa Namin sa kanila mula sa kalangitan?

205-206. Ano sa pakiwari mo, O Muhammad (ﷺ), kung sakaling pinasaya Namin sila sa kanilang pamumuhay nang mahabang panahon at inantala ang kamatayan, subali't pagkatapos nito ay dumating pa rin ang parusang ipinangako sa kanila?



207. Ano pa ba ang pakinabang nila sa lahat ng kanilang kinagawian na kaligayahan sa haba ng kanilang buhay at marangyang pamumuhay gayong hindi naman sila humingi ng kapatawaran sa kanilang nagawang pagsamba ng iba? Katiyakan, ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ) ay magaganap sa kanila di maglalaon.

208-209. At kailanman ay hindi Namin winawasak ang anumang bayan mula sa mga kabayanan ng mga naunang Nasyon kundi pagkatapos muna ng pagkakapadala Namin sa kanila ng Sugo na siyang magbibigay ng babala sa kanila, bilang paalaala at babala sa kanila sa anumang bagay na ikaliligtas nila, at kailanman ay wala Kaming inapi na anumang sambayanan sa pamamagitan ng parusa hangga't hindi Kami nakapagpadala ng Sugo sa kanila.

210-212. At kailanman, ang Dakilang Qur'ân ay hindi ibinaba kay Muhammad (ﷺ) sa pamamagitan ng mga '*Shaytân*' na tulad ng pag-angkin ng mga walang pananampalataya, at ito ay hindi angkop sa kanila at hindi rin sila magkakaroon ng kakayahan para rito; dahil sa may nakaharang sa kanila upang hindi nila marinig ang Dakilang Qur'ân mula sa kalangitan at sila ay binabato sa pamamagitan ng bulalakaw.

213. Na kung kaya, huwag kang sumamba sa Allâh (ﷻ) na may itinatambal pang iba na mga sinasamba, dahil katiyakang paparusahan ka ng parusa na katulad ng nangyari sa kanila na sumamba ng iba bukod sa Allâh.

214. At balaan mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga malalapit sa iyo na mga kamag-anak mula sa parusa ng Allâh (ﷻ) na maaaring mangyari sa kanila.

215. At maging malumanay ka sa iyong pakikitungo at pananalita, at maging mabuti ka bilang pagpapakumbaba at awa sa sinuman na nakikita mo na tinutugunan ang iyong paanyaya.

216. At kapag sila ay lumabag sa iyo at hindi sumunod, ay alisin mo ang pananagutan mo sa kanilang gawain at sa anuman na kanilang ginagawa na pagsamba ng iba at pagkaligaw.

217-220. At ipaubaya mo na ang sarili mo sa Allâh (ﷻ) na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal na hindi Niya binibigo ang Kanyang mga '*Awliyâ`*' – mga taong malalapit sa Kanya, na nakikita Ka niya habang ikaw ay nagsasagawa ng '*Salâh*' nang nag-iisa sa kalaliman ng gabi, at nakikita Niya ang iyong mga galaw kasama ang mga nagpapatirapa sa kanilang mga '*Salâh*,' na nakatayo, nakayuko, nakapatirapa at nakaupo.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), luwalhati sa Kanya, Bukod-Tangi na Siya ay '***As-Samee`***' – ang Ganap na Nakakarinig sa pagbibigkas mo ng Dakilang Qur'ân at sa pagpuri mo sa Kanya, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa iyong layunin at gawain.

221-223. Ipababatid ko ba sa inyo, O kayong mga tao, kung sino ang binababaan ng mga '*Shaytân*' sa kanilang pambubuyo? Ang mga '*Shaytân*' ay bumababa sa lahat ng mga sinungaling na maraming kasalanan at mga manghuhula, na itong mga '*Shaytân*' na ito ay ninanakaw nila ang mga bagay (kaalaman) na naririnig sa itaas mula sa mga anghel, at ang anumang narinig nila ay ibinubulong nila sa mga manghuhula, at sa sinuman na mga katulad nilang masasama, at karamihan sa kanila ay mga sinungaling, na maaaring maging totoo ang isang salita at daragdagan na niya ng higit pa sa isang daang kasinungalingan, na kung kaya, sa pamamagitan noon ay dumarami ang kanilang kasinungalingan nang daan-daan.

224-226. Ang mga manunula ay ibinabatay nila ang kanilang mga tula sa mga kamalian at kasinungalingan, at sinasang-ayunan nila ang gawain ng mga ligaw at mga lihis na katulad din nila.

Hindi mo ba nakikita, O Muhammad (ﷺ), na sila ay tumutungo sa kung saan-saang paksa sa kanilang panunula at sila ay nagpapaliwanag sa iba't ibang larangan nang may kasinungalingan, pagbibintang, paninira at pamimintas sa mga lahi, at sa mga kababaihan na mga mababuti, at sa katunayan sinasabi nila ang mga bagay (bilang pagmamayabang lamang) na hindi naman nila ginagawa sa kanilang mga sarili, at lubus-lubusan ang kanilang pagpuri sa mga kamalian at minamaliit nila ang mga nasa katotohanan.

227. Binukod-tangi ng Allâh (ﷻ) sa mga manunula ang mga yaong manunula na may pananampalataya at gumagawa ng mga mababuting gawa, at palagi ang kanilang

pagpuri sa Allâh (ﷻ) at nagsagawa sila ng mga tula patungkol sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), at nagpapaliwanag din sila ng karunungan, pagpapayo at mga kagandahang-asal, at ipinagtatanggol nila ang Islâm, at sinasagot at ipinagtatanggol nila ang Islâm sa sinumang naninira rito at sa Kanyang Sugo, at sinasagot din nila ang mga manunula na walang pananampalataya hinggil sa kanilang pagbibintang at kasinungalingan.

At walang pag-aalinlangan, mababatid ng mga yaong dinaya nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng paglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh, at sa pagsagawa ng mga kasalanan, at sa pandaraya nila sa iba sa pamamagitan ng pangangamkam o pag-aangkin sa karapatan ng mga ito, o di kaya ay sa pagtapak sa kanilang karapatan, o di kaya ay sa pagbibintang ng kasinungalingan, o di kaya ay kung saan nagmumula ang kasamaan at nakapipinsala ay nandoroon din sila. Kung gayon, alin sa mga kasamaan at pagkawasak na mga patutunguhan sila patutungo? Katiyakan, masama ang kanilang kahihinatnan o patutunguhan, hinihiling natin sa Allâh (ﷻ) ang kaligtasan at kapanatagan mula rito.

سورةالنمل 27

XXVII – Sûrat An-Naml

[**Kabanata An-Naml** – Ang Mga Langgam]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. *Tâ-Sĩn*. Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.' Itong mga talata ng Dakilang Qur'ân ay malinaw ang kahulugan at maliwanag sa pagiging katibayan nito, naglalaman ito ng mga kaalaman, mga karunungan at mga batas.

2-3. Ito ay mga talata na naggagabay tungo sa Daan ng Tagumpay dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at nagbibigay ng magandang balita hinggil sa dakilang gantimpala para sa mga nananampalataya na pinaniwalaan ang mga talatang ito, at sinunod ang patnubay nito, na mga yaong isinasagawa ang '*Salâh*' ng limang beses na kumpleto sa pinakapundasyon nito, gayundin sa mga kundisyon nito, at ibinibigay nila ang obligadong-kawanggawa ('*Zakâh*') sa mga karapat-dapat nito, at sila ay nakatitiyak sa buhay sa Kabilang-Buhay, at sa anumang mayroon doon na gantimpala at kaparusahan.

4-5. Katiyakan, ang mga yaong hindi naniwala sa buhay sa Kabilang-Buhay at hindi gumagawa ng kabutihan bilang paghahanda para rito, sa halip ang kanilang ginagawa ay panay kasamaan na sa kanilang pananaw ay kabutihan, na sila ay pabalik-balik sa ganitong gawain na may kasamang pag-aalinlangan. Ang para sa kanila ay kaparusahan dito sa daigdig na katulad ng pagkamatay, pagkabihag, pagkapahamak o

di kaya ay pagkatalo sa labanan, at sila sa Kabilang-Buhay ay pinakamatindi ang kanilang pagkatalo.

6. At katiyakan, ang nagturo sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ng Kabanal-banalan na Qur'ân ay ang Allâh (ﷻ) na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang paglikha at pangangasiwa nito, na '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam na saklaw ng Kanyang Kaalaman ang lahat ng bagay.

7. Ipaalaala mo ang kuwento ni Mousã (عليه السلام) noong kanyang sinabi sa kanyang pamilya habang sila ay naglalakbay mula Medyan patungo sa Ehipto: "*Katiyakan*, *nakakita ako ng apoy*, *na kung kaya*, *walang pag-aalinlangan*, *makatatagpo ako mula roon ng impormasyon* (*o kaalaman*) *na magsasabi sa atin kung saan ang ating patutunguhan*, *o di kaya ay makakakuha ako mula roon ng nagbabagang-apoy upang makapagpainit tayo mula sa kalamigan.*"

8-12. At nang dumating si Mousã (عليه السلام) roon sa apoy na yaon ay tinawag siya ng Allâh (ﷻ) at sinabi sa kanya na ang lugar na yaon ay isang banal na lugar na biniyayaan ng Allâh (ﷻ), na ginawa Niya ang lugar na yaon para sa pagkikipag-usap kay Mousã (عليه السلام) na roon Niya siya uutusan, at katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay biniyayaan Niya ang sinumang naroroon sa may apoy na yaon at ang mga nakapalibot doon na mga anghel, na kung kaya, luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Siya ay malayo sa anumang hindi karapat-dapat para sa Kanya na Siya ang '*Rabb*' ng lahat ng mga nilikha.

"*O Mousã* (عليه السلام)*! Katiyakan*, *Ako ang Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin*, *na* '***Al-`Azeez***' *– ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na nagagapi Ko sa Aking paghihiganti ang sinumang kumakalaban sa Akin*, *na* '***Al-Hakeem***' *– ang Ganap na Maalam sa Pangangasiwa Ko sa Aking mga nilikha*."

"*At bitiwan mo ang iyong tungkod!*" At ito ay kanyang binitiwan at naging ahas, at nang makita niya ito na gumagalaw na kasinggaan ng paggalaw ng mabilis na ahas ay tumalikod siya na tumatakas na hindi na siya lumingon pa, subali't pinapanatag siya ng Allâh (ﷻ) na Kanyang sinabi: "*O Mousã! Huwag kang matakot*: *walang pag-aalinlangan*, *ang mga Sugo na Aking pinili ay hindi natatakot sa pagpaparating ng Aking Mensahe*, *maliban sa sinumang nagkasala at lumampas sa kanyang hangganan*, *at pagkatapos siya ay nagsisi at nagpakatuwid sa kanyang taimtim na pagsisisi pagkatapos ng kanyang nagawang pagkakasala*; *kung gayon*, *walang pag-aalinlangan*, *Ako ang* '***Ghafour***' *– Ganap na Mapagpatawad sa kanya*, *na* '***Raheem***' *– Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal*, *na kung kaya*, *huwag mawalan ng pag-asa ang sinuman sa Awa ng Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang kapatawaran.*

"*At ipasok mo ang iyong kamay sa gilid ng iyong braso at ito ay lalabas na maputi na kasimputi ng yelo gayong hindi ito sakit na ketong*, *na ito ay kabilang sa siyam na himala upang pagtibayan ka sa iyong mensahe tungo sa kay Fir`âwn at sa kanyang sambayanan*, *dahil walang pag-aalinlangan*, *sila ay mga masasama na mga tao na naghimagsik at lumabag sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ), *na sila ay mga tumanggi.*"

13. At nang dumating sa kanila ang mga himalang ito na napakalinaw na lantarang nakikita ng sinumang nais pagmasdan ito nang makatotohanan bilang matibay na katibayan mula sa kanya (Mousã (عليه السلام)), kanilang sinabi: "*Ito ay malinaw na salamangka*." At tinanggihan nila ang siyam na mga himalang ito na malilinaw na palatandaan na nagpapatunay sa pagiging Propeta ni Mousã (عليه السلام) at sa pagiging katotohanan ng kanyang paanyaya.

14. At tinanggihan nila na ito ay nagmula sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng kanilang mga dila, gayong sa katotohanan ay tiyak ang kanilang mga puso sa pagiging totoo nito, ginawa nila ito bilang pagmamalabis sa katotohanan at pagmamataas sa pagtanggap, na kung kaya, pagmasdan mo, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang naging hantungan ng mga yaong hindi pinaniwalaan ang mga talata ng Allâh (ﷻ) at naminsala sa kalupaan, dahil nilunod sila ng Allâh (ﷻ) sa karagatan? At dito sa pangyayaring ito ay aral sa sinumang magnanais na umunawa.

15. At katiyakan, pinagkalooban Namin si Dâwood (David عليه السلام) at si Sulaymân (Solomon عليه السلام) ng kaalaman at ito ay kanilang isinagawa, kanilang sinabing dalawa: "*Papuri sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang nagtangi sa amin sa pamamagitan nito mula sa marami Niyang mga alipin na mga mananampalataya*." At nasa talatang ito ang patunay sa karangalan ng pagkakaroon ng kaalaman at mataas na antas ng nagmamay-ari nito.

16. At namana ni Sulaymân (عليه السلام) mula sa kanyang ama na si Dâwood (عليه السلام) ang pagiging Propeta, kaalaman at kaharian, at sinabi ni Sulaymân (عليه السلام) sa kanyang sambayanan: "*O sangkatauhan! Tinuruan kami at pinaintindi sa amin ang wika ng mga ibon*, *at pinagkalooban kami ng lahat ng bagay sa lahat ng aming pangangailangan. Katiyakan*, *ang anumang ipinagkaloob sa amin ng Allâh* (ﷻ) *ay malinaw na kagandahang-loob bilang pagtatangi sa amin kaysa iba*."

17. At tinipon (o pinagsama) para kay Sulaymân (عليه السلام) nang isang dagsaan ang kanyang mga sundalo mula sa mga '*Jinn*,' mga tao at mga ibon; at kahit gayon sila karami ay hindi pa rin sila napapabayaan, sa halip sa bawa't uri ay mayroong nangangasiwa sa kanila mula sa kauna-unahan hanggang sa pinakadulo nila upang sila ay maisaayos na nakahelerang lahat ayon sa bawa't uri nila.

18-19. Hanggang sa sila ay dumating sa lambak ng mga langgam at sinabi ng isa sa mga langgam mula sa kanila: "*O mga langgam! Magsipasok kayo sa inyong mga tirahan dahil baka madurog kayo ni Sulaymân at ng kanyang mga sundalo sa pamamagitan ng pagtapak sa inyo samantalang hindi nila ito namamalayan.*" At napangiti si Sulaymân (عليه السلام) sa sinabi ng langgam dahil sa ito ay kanyang naintindihan at naunawaan niya ang ibinigay na babala sa mga langgam, at doon niya lubos na naramdaman ang Biyaya ng Allâh (عز وجل) sa kanya, na kung kaya, siya ay napaharap sa Allâh (عز وجل) na nanalangin: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Pagkalooban Mo ako ng kaalaman at gabayan upang pasalamatan ang Iyong biyaya na ipinagkaloob Mo sa akin at sa aking mga magulang*, *at upang makagawa ako ng mabuti at kalugud-lugod sa Iyo na gawain mula sa akin*, *at ipasok Mo ako sa Iyong Awa sa pamamagitan ng kaligayahan sa* '*Al-Jannah*' *kabilang sa Iyong mga mabubuting alipin na naging katanggap-tanggap sa Iyo ang kanilang mga gawain*."

20-21. Sinuri ni Sulaymân ang mga ibon na ipinasailalim ang mga ito sa kanyang pangangasiwa, upang mabatid niya kung sino ang wala, at siya ay mayroong namumukod-tanging ibon, na ito ay si Hudhud na hindi niya nakita, at kanyang sinabi: "*Bakit hindi ko nakita si Hudhud ngayon na nakasanayan ko na siya ay palaging nandirito? Natakpan lamang ba ninyo siya kung kaya hindi ko siya nakikita o talagang wala siya*, *kaya siya ay hindi ko nakikita?*"

At nang napatunayan na siya ay talagang wala, kanyang sinabi: "*Paparusahan ko siya nang matinding parusa dahil sa hindi siya nakadalo rito bilang kabayaran*, *o di kaya ay kakatayin ko siya bilang parusa sa kanya dahil hindi niya tinupad ang ipinag-utos sa kanya*, *o di kaya ay makapagpadala siya ng malinaw na katwiran na naging dahilan ng kanyang pagliban o di niya pagparito.*"

22. At di-nagtagal ay dumating ang ibon (Hudhud), na dahil sa kanyang pagkawala at pagliban ay sinisi siya ni Sulaymân (عليه السلام), at sinabi naman sa kanya ni Hudhud: "*Nabatid ko ang isang bagay na hindi mo nabatid*, *at dala-dala ko sa iyo mula sa siyudad ng Saba` sa Yemen ang totoong balita*, *na ako ay nakatitiyak hinggil dito.*

23. "*Katiyakan*, *natagpuan ko ang isang babae na namumuno sa mga naninirahan sa Saba`*, *at pinagkalooban siya ng lahat ng bagay na makamundo*, *at nagtataglay siya ng dakilang trono na kung saan doon siya nakaupo upang pangasiwaan ang kanyang kaharian.*

24. "*At nakita ko siya at ang kanyang sambayanan na sumasamba sa araw na tinalikuran nila ang pagsamba sa Allâh* (ﷻ), *at hinikayat sila ni* '*Shaytân*' *sa kanilang masamang gawain na kanilang ginagawa at inilayo sila sa paniniwala sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ), *na kung kaya*, *sila ay hindi nagabayan tungo sa Allâh* (ﷻ) *sa Kanyang Kaisahan at sa bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya.*"

25-26. Hinikayat sila sa ganito ni '*Shaytân*;' upang sila ay hindi makapagpatirapa sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tanging Siya lamang ang nakapagpapalabas ng anumang nakatago sa kalangitan at kalupaan na katulad ng ulan, mga pananim at iba pa, na Siya lamang ang Nakaaalam kung ano ang inyong inililihim at kung ano ang inyong inilalantad. Ang Allâh (ﷻ), '***Lâ ilâha illa Huwa*'** – walang sinuman ang diyos na sinasamba o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin bukod sa Kanya (Allâh ﷻ), na Nagmamay-ari ng Dakilang '`*Arsh*' (Trono) na saklaw ng '`*Arsh*' na ito ang lahat ng bagay bukod sa Allâh (ﷻ).

27-28. Sinabi ni Sulaymân (عليه السلام) kay Hudhud: "*Mababatid namin kung ang dala-dala mong impormasyon ay totoo o ikaw ay kabilang sa mga sinungaling? Dalhin mo ang sulat kong ito sa mga naninirahan sa Saba` at ibigay mo sa kanila*, *pagkatapos ay lumayo ka nang bahagya sa kanila na maaari mong marinig ang kanilang sasabihin at alamin mo kung ano ang kanilang pag-uusapan*."

29. Nagtungo roon si Hudhud at inihagis niya ang sulat sa Reyna at ito ay kanyang binasa, at pagkatapos ay tinipon niya ang mga matataas sa kanyang sambayanan, at

narinig ni Hudhud na siya ay nagsasabi sa kanila nang ganito: "*Katiyakan*, *dumating sa akin ang kagalang-galang na sulat na mula sa dakilang tao*."

30-31. Pagkatapos ay ipinaliwanag niya ang nilalaman nito at kanyang sinabi: "*Katiyakan*, *ito ay nagmula kay Sulaymân*, *at walang pag-aalinlangan na sinimulan niya ito sa Pangalan ng Allâh*, *ang Pinakamahabagin na Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal* – ***Bis-mil-lâ-hir Rah-mâ-nir Ra-heem***, – *na sinasabing huwag kayong magmataas at huwag kayong magmayabang laban sa aking paanyaya sa inyo*, *at humarap kayo sa akin na sumusunod sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *bilang mga Muslim na sinusunod at isinusuko ninyo nang ganap ang inyong buong sarili sa Kanyang kagustuhan*."

32. Kanyang (Reyna) sinabi: "*O kayong mga namumuno*, *payuhan ninyo ako hinggil sa bagay na ito*, *dahil hindi ko pinagpapasiyahan ang anumang bagay maliban sa kung nakaharap ko muna kayo at naisangguni ko ito sa inyo*."

33. Kanilang sinabi bilang pagtugon sa kanya: "*Tayo ay may kapangyarihan at lakas sa bilang man o sa sandata*, *at nasa atin ang kakayahan at katapangan sa matinding labanan*, *at ang pag-aatas ay nauukol sa iyo at ikaw ang nagtatangan ng kapasiyahan*, *na kung kaya*, *pag-isipan mong maigi kung ano ang ipag-uutos mo sa amin*, *at kami naman ay makikinig at susunod sa iyong ipag-uutos*."

34-35. Kanyang sinabi bilang babala sa kanila mula sa anumang pakikipagharap na labanan kay Sulaymân (عليه السلام), na nililinaw niya sa kanila ang masamang idinudulot ng pakikipaglaban: "*Katiyakan*, *ang mga hari*, *kapag sila ay pumasok kasama ang kanilang mga sundalo nang sapilitan sa isang bayan ay sisirain nila ito at babaligtarin nila na hahamakin nila ang mga mararangal at kagalang-galang*, *at sila ay pumapatay at bumibihag*, *at ganito ang kanilang patuloy na pamamaraan upang mapasunod nila ang tao dahil sa sila ay matatakot sa kanila*.

"*Magkagayunpaman*, *ako ay magpapadala kay Sulaymân at sa kanyang sambayanan ng regalo na kalakip nito ang mga mamahaling bagay bilang panlabas na pagpapakita ng pagsang-ayon*, *at hihintayin ko kung ano ang magiging dala-dalang kasagutan ng aking mga sugo*."



36. At nang dumating ang mga sugo ng Reyna na may dala-dalang regalo kay Sulaymân (عليه السلام), kanyang sinabi bilang pagbabalewala rito at pagpapaliwanag sa kung ano ang mga Biyaya ng Allâh (ﷻ) na ipinagkaloob sa kanya: "*Binibigyan ba ninyo ako ng kayamanan upang ako'y magalak sa inyo? Samantalang kung ano man ang ipinagkaloob ng Allâh* (ﷻ) *sa akin na pagka-Propeta*, *kaharian at maraming kayamanan ay higit pa at mas mabuti kaysa sa ipinagkaloob sa inyo*, *samantalang kayo ay tuwang-tuwa na sa regalo na ibinibigay sa inyo na katulad ng ibinibigay ninyo ngayon*; *dahil ang ipinagmamalaki lamang ninyo at ipinagmamayabang ay makamundong buhay na ito*."

37. At sinabi ni Sulaymân (عليه السلام) sa sugo ng mga taga-Saba`: "*Bumalik kayo sa kanila*, *at sumusumpa ako sa Allâh* (ﷻ) *na magpapadala ako sa kanila ng mga sundalo na walang sinuman ang may kakayahan na makipaglaban at humarap sa kanila*, *at walang pag-aalinlangang palalabasin namin sila mula sa kanilang bayan na mga hamak*, *minamaliit na walang dangal*, *kung hindi sila susunod sa bukod-tanging* '*Deen*' *ng Allâh* (ﷻ) *at kung hindi nila tatalikuran ang pagsamba ng iba bukod sa Kanya.*"

38. Sinabi ni Sulaymân (عليه السلام), na siya ay nakipag-usap sa mga ipinasailalim sa kanya ng Allâh (ﷻ) na mga '*Jinn*' at mga tao: "*Sino sa inyo ang makapagdadala sa akin ng dakilang trono ng kanyang kaharian bago sila dumating sa akin na sumusunod at isinusuko ang buong sarili sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ) *bilang Muslim?*"

39. Sinabi ng isang '`*Ifrît*' na dalubhasa at malakas mula sa mga '*Jinn*:' "*Dadalhin ko ito sa iyo bago ka tumayo sa iyong kinauupuan*, *at katiyakang ako ay malakas na kaya ko itong buhatin at mapagkatiwalaan sa kung ano ang nilalaman nito*, *na dadalhin ko ito sa iyo nang walang kakulangan at walang napalitan.*"

40. Sinabi naman ng isang tao na maalam sa Kasulatan: "*Dadalhin ko sa iyo ang trono bago kumurap ang mga talukap ng iyong mga mata*, *kapag ito ay gumalaw para tumingin sa anumang bagay.*" At pinahintulutan siya ni Sulaymân (عليه السلام) at siya naman (na maalam sa Kasulatan) ay nanalangin sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, dumating ang trono. At nang makita ni Sulaymân (عليه السلام) na nasa sa kanya nang harapan na nakatayo ang trono ay kanyang sinabi: "*Ito ay mula sa Kagandahang-Loob ng Aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na lumikha sa akin at lumikha sa lahat ng bagay*; *upang subukin ako*: *kung ako ba ay magpapasalamat bilang pag-amin sa pagkakaloob Niya ng biyaya sa akin o tatanggi at di magpapasalamat? At sinuman ang tatanaw ng utang na loob sa Allâh* (ﷻ) *sa Kanyang mga biyaya ay magiging kapaki-pakinabang ito para sa kanya*, *at sino naman ang tatanggi at babalewalain ang biyaya at hindi magpapasalamat*, *walang pag-aalinlangan*, *ang aking* '*Rabb*' *ang* '***Ghanee***' *– Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan*, *na ganap na hindi nangangailangan ng pagpapasalamat ng kahit sinuman*, *na Siya ang* '***Kareem***' *– Pinakamabait at masaganang Tagapagkaloob na saklaw ng Kanyang kabutihan dito sa daigdig ang nagpapasalamat at di-marunong magpasalamat*, *pagkatapos sila ay huhukuman at gagantihan sa Kabilang-Buhay*."

41. Sinabi ni Sulaymân (عليه السلام) sa sinumang kasama niya roon: "*Baguhin ninyo ang trono ng kanyang kaharian na kanyang inuupuan sa kaanyuan na hindi na niya ito makikilala kapag ito ay kanyang nakita*; *mababatid natin kung makikilala pa niya ito at siya ay ginabayan o magiging kabilang siya sa mga yaong hindi ginagabayan.*"

42. At nang dumating ang Reyna ng Saba` kay Sulaymân (عليه السلام) sa kanyang bulwagan, sinabi sa kanya (Reyna): "*Ang iyo bang trono ay katulad nito?*" Kanyang sinabi: "*Katotohanan*, *parang hawig na hawig nito*." At dito napatunayan ni Sulaymân (عليه السلام) na tama siya sa kanyang pagsagot, at katiyakang nabatid niya (Reyna) ang kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) at ang katotohanan sa pagiging Propeta ni Sulaymân (عليه السلام), at sinabi ni Sulaymân (عليه السلام): "*Ipinagkaloob sa amin ang kaalaman hinggil sa Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang kapangyarihan bago sa kanya* (*Reyna*), *at kami ay nagpapasailalim sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ) *at sumusunod sa* '*Deen*' *ng Islâm bilang Muslim*."

43. At hinarangan siya ng kanyang kinaugalian na pagsamba ng iba bukod sa Allâh sa bukod-tanging pagsamba lamang sa Allâh (ﷻ), at siya ay walang pag-aalinlangang walang pananampalataya sa Allâh (ﷻ) at lumaki sa kapaligiran ng mga taong walang pananampalataya, at siya ay nanatili sa kanilang '*deen*,' at kung hindi lamang dahil dito (sa mali niyang pagsamba at maling kinamulatan na kapaligiran) ay mayroon siyang matinding katalinuhan na naiintindihan niya ang katotohanan mula sa kamalian, subali't ang maling paniniwala ay inaalis nito ang liwanag ng puso.

44. Sinabi sa kanya: "*Pumasok ka sa Palasyo*, at doon ay nakalatag ang salamin na ang nasa ilalim nito ay tubig, at nang ito ay kanyang makita, inisip niya na ito ay tubig na umaalon, at itinaas niya ang kanyang kasuotan at nakita ang kanyang binti, upang siya ay lulusong sa tubig, at sinabi sa kanya ni Sulaymân (عليه السلام): "*Walang pag-aalinlangan*, *ito ay patag na salamin na naaaninag ang ilalim nito na tubig*." At doon ay naunawaan niya kung gaano kadakila ang kaharian ni Sulaymân at kanyang sinabi: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katiyakan*, *naimali ko ang aking sarili dahil sa pagsamba ko ng iba*, *at ngayon ay isinusuko ko nang ganap ang aking sarili at susunod sa Iyong kagustuhan bilang isang Muslim na kasama ni Sulaymân sa* '*Deen*' *ng Allâh na* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha*."



45. Katiyakan, ipinadala Namin kay Thamoud ang kanilang kapatid na si Sâleh (عليه السلام) na sinasabing: "*Sambahin ninyo ang Allâh* (سبحانه وتعالى) *nang bukod-tangi at huwag kayong gumawa ng kahit na anumang sinasamba bukod sa Kanya*, *at nang dumating sa kanila si Sâleh upang sila ay anyayahan tungo sa Kaisahan ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *at Bukod-Tanging pagsamba lamang sa Kanya ay nahati sa dalawang grupo ang kanyang sambayanan*: *isang grupo sa kanila ang naniwala sa kanya at isang grupo naman ay di-naniwala at tinanggihan ang kanyang paanyaya*, *at lahat sila ay nag-aangkin na ang katotohanan ay nasa kanila*."

46. Sinabi ni Sâleh (عليه السلام) sa grupo ng di-naniwala: "*Bakit minamadali ninyo ang pagtanggi sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga kasamaan*, *na ito ang naging dahilan ng pagpaparusa sa inyo at inaantala ninyo ang pagtanggap ng tamang pananampalataya at pagsagawa ng mga kabutihan gayong dito ninyo makakamtan ang gantimpala? Di ba nararapat na humingi kayo kaagad ng kapatawaran mula sa Allâh* (سبحانه وتعالى), *at magbalik-loob kayo sa Kanya*; *upang kayo ay kaawaan?*"

47. Sinabi ng sambayanan ni Sâleh (عليه السلام) sa kanya: "*Nawalan na kami ng pag-asa sa iyo at sa sinuman na kasama mo na yumakap sa iyong* '*Deen*,'" sinabi ni Sâleh sa kanila: "*Anuman ang nangyari sa inyo*, *mabuti man o masama*, *ay mula ito sa kapahintulutan ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *na ito ay nakatakda na sa inyo at ayon dito kayo ay tutumbasan*, *kaya nga lamang kayo ay mga tao na sinusubok sa pamamagitan ng mga pangyayari na kalugud-lugod at nakalulungkot*, *mabuti at masama*.

48. At nandoon sa siyudad ni Sâleh na tinatawag na '*Hijr*'– na ito ay nasa hilagang-kanluran ng '*Arabian Peninsula*' (o Tangway ng Arabia) – ang siyam na mga kalalakihan, na wala silang hangarin kundi pamiminsala sa kalupaan na ayaw nilang baguhin at ituwid ang kanilang mga sarili.

49. Sinabi noong siyam na yaon sa isa't isa: nagsumpaan sila sa Pangalan ng Allâh (ﷻ) na ang bawa't isa ay susumpa sa harapan ng bawa't isa: "*Walang pag-aalinlangan*, *tutungo tayo kay Sâleh sa isang lihim na gabi nang biglaan na papatayin natin siya at papatayin natin ang kanyang pamilya*, *pagkatapos ay sasabihin natin sa kanyang mga kamag-anak*: '*Hindi namin nasaksihan ang kanilang pagkamatay*, *at kami sa katotohanan ay totoo sa anuman na aming sinasabi*.'"

50. At binalak nila ang pakanang ito upang puksain si Sâleh (عليه السلام) at ang kanyang pamilya bilang masamang balakin mula sa kanila, subali't tinulungan Namin ang Aming Propeta na si Sâleh (عليه السلام), at pinuksa Namin sila bilang parusa na sila ay walang kaalam-alam, at hindi nila inaasahan na ito ay gagawin Namin sa kanila bilang ganti sa kanilang pakana.

51. Pagmasdan mo, O Muhammad (ﷺ), bilang aral kung ano ang naging bunga ng mga yaong nagpakana ng kasamaan laban sa kanilang Propeta na si Sâleh (عليه السلام)? Katiyakan, pinuksa Namin silang lahat at ang kanilang sambayanan, lahat-lahat sila at walang itinira sa kanila.

52. At nandoroon pa rin na pinanatili ang kanilang mga tirahan na wala ka nang makikitang sinupaman mula sa kanila roon, pinuksa sila ng Allâh (ﷻ); dahil sa kanilang pang-aapi laban sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsamba nila ng iba bukod sa Allâh, at sa kanilang pagtanggi at di-paniniwala sa Propeta na ipinadala sa kanila. Katiyakan, sa pagwasak na yaon at pagpuksa ay katotohanang nakapagbibigay-aral sa mga tao na nakaaalam kung ano ang ginawa Namin sa kanila, at ito ang Aming pamamaraan sa sinumang tumanggi sa mga Sugo.

53. At iniligtas Namin mula sa anumang nangyaring pagpuksa sa sambayanan ni Thamoud si Sâleh (عليه السلام) at ang mga naniwala sa kanya, at ang yaong kinaugalian na matakot sa Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang paniniwala sa parusa ng Allâh (ﷻ).

54-55. At alalahanin mo si Lût (عليه السلام) noong sinabi niya sa kanyang sambayanan: "*Nagsisitungo ba kayo sa gawain na karumal-dumal*, *samantalang batid ninyong ito ay kasuklam-suklam? Dahil itinutuon ninyo ang inyong pagnanasa sa mga kalalakihan sa halip na ito ay sa mga kababaihan? Na kung kaya*, *kayo ay mga taong mangmang na hindi naiintindihan ang karapatan ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*, *at dahil doon ay nilabag ninyo ang Kanyang kagustuhan*, *at sinalungat ninyo ang Kanyang Sugo sa pamamagitan ng pagsagawa ninyo ng karumal-dumal na gawain*, *na wala pang sinumang nakagawa nito na nauna sa inyo sa lahat ng sangkatauhan.*"



56. At walang naisagot ang sambayanan ni Lût sa kanya (عليه السلام) kundi pagsasabi nila sa isa't-isa: "*Palabasin ninyo ang pamilya ni Lût mula sa inyong bayan*, *dahil sa sila ay mga taong malilinis na sila ay hindi gumagawa ng karumal-dumal na ganito. Sinasabi nila yaon sa kanila bilang pang-iinsulto.*"

57. At iniligtas Namin si Lût (عليه السلام) at ang kanyang pamilya mula sa parusa na katiyakang ito ay mangyayari sa sambayanan ni Lût, maliban sa kanyang asawa – dahil sa pagtakda Namin – na siya ay kabilang sa pananatilihin sa parusa hanggang mapuksa kasama ang mga pupuksain; dahil sa siya ay naging katulong ng kanyang sambayanan sa pagsagawa ng karumal-dumal at ito ay naging katanggap-tanggap sa kanya.

58. Pinaulanan Namin sila mula sa kalangitan ng mga bato na gawa sa luwad na nakamamatay, at napakasama ng ulan sa mga taong binalaan dahil sa naging matibay na laban sa kanila ang katibayan.

59. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Ang papuri at pasasalamat ay para lamang sa Allâh* (سبحانه وتعالى), *at kapayapaan ay mula sa Kanya*, *at kaligtasan ay para sa Kanyang mga alipin na Kanyang pinili para sa Kanyang mensahe*," pagkatapos ay tanungin mo ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh na kabilang sa iyong sambayanan: "*Ang Allâh* (سبحانه وتعالى) *ba na nagtatangan ng kakayahan na makapagdulot ng kapakinabangan at makapagsanhi ng kapinsalaan ay mas mabuti o yaong kanilang sinasamba bukod sa Kanya*, *na walang kakayahan sa sarili nito at gayundin sa iba*, *na hindi man lamang makapagdudulot ng kapakinabangan ni makapagsasanhi ng kapinsalaan?*"

60. At tanungin mo sila, kung sino ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan, at nagpapababa para sa inyo mula sa kalangitan ng tubig-ulan, at sumisibol sa pamamagitan nito ang mga hardin na nagtatangan ng magandang tanawin at kaluguran? Kailanman, ay hindi ninyo kayang patubuin ang puno nito, kung hindi

lamang sa katotohanang nagpababa ang Allâh (ﷻ) sa inyo ng tubig-ulan mula sa kalangitan. Katiyakan, ang pagsamba sa Kanya ang Siyang katotohanan at ang pagsamba naman sa iba bukod sa Kanya ay pawang kamalian. Kung gayon, mayroon bang '*ilâh*' o diyos na sinasamba bukod sa Allâh na gumagawa nitong mga ganitong gawain upang makatwirang sasambahin, na magiging katambal ng Allâh (ﷻ)? Samakatuwid, sila na mga nagtatambal sa pagsamba ay mga taong lumihis sa Matuwid na Landas at Tamang Paniniwala, at ipinapantay nila ang Allâh (ﷻ) sa iba sa pagsamba at paggalang.

61. Ang inyo bang pagsamba ng iba bukod sa Allâh na inyong itinambal sa pagsamba sa Kanya (Allâh ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay mas nakabubuti o ang bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya (Allâh ﷻ) na gumawa ng kalupaan na itinalaga bilang inyong tirahan at ginawa Niya sa gitna nito ang mga ilog at ginawa (rin) Niya ang mga bundok na mga matatatag, at gumawa (rin) Siya sa pagitan ng dalawang karagatan, tabang at alat, ng harang upang hindi masira ang isa't isa?

Ang sinasamba ba ninyo bukod sa Allâh ay ginagawa niya ang mga ito upang siya ay magkaroon ng karapatan na sambahin ninyo bilang katambal ng Allâh (ﷻ)? O sa katotohanan, karamihan sa kanila na mga nagtatambal sa pagsamba ay hindi nila batid ang ganap na kadakilaan ng Allâh (ﷻ), na kung kaya, sila ay sumasamba ng iba bilang panggagaya lamang at pagiging masama.

62. Ang pagsamba ba ninyo ng iba bukod sa Allâh ay mas nakabubuti o ang pagsamba lamang sa Kanya (Allâh ﷻ) na Bukod-Tanging tumutugon sa panalangin ng nasa kagipitan at pangamba, at inaalis Niya ang kasamaan na nangyari, at ginawa Niya kayong kahalili sa sinumang nauna sa inyo rito sa daigdig? Ang sinasamba ba ninyong iba bukod sa Allâh ay binibiyayaan kayo ng mga katulad nitong biyaya? Katotohanan, kakaunti lamang ang mga nakaaalaala at nakapupulot ng aral sa mga pangyayari, na kung kaya, sumamba kayo ng iba bukod sa Allâh.

63. Ang pagsamba ba sa inyong mga sinasamba bukod sa Allâh ay mas nakabubuti o Siya na ginagabayan kayo sa kadiliman ng kalupaan at karagatan kapag kayo ay naligaw at nagdilim na sa inyo ang mga daanan, at Siya na nagpapadala ng mga hangin bilang pagpapahiwatig ng magandang balita sa Kanyang Awa sa Kanyang alipin na pagkakaloob ng ulan na binubuhay Niya ang tuyot na kalupaan? Ang sinasamba ba na iba bukod sa Allâh ay may magagawa na kahit na kaunti sa mga ito upang kayo ay manalangin sa kanya bukod sa Allâh? Luwalhati sa Allâh (ﷻ), Siya ay Dalisay at Banal at malayo sa anuman na inyong sinasamba na iba.



64. At tanungin mo sila kung sino ang nagpanimula ng paglikha, pagkatapos ito ay Kanyang lilipuling lahat kung Kanya nang nanaisin, pagkatapos ay muli Niyang uulitin ang paglikha, at sino ang nagkakaloob sa inyo ng kabuhayan mula sa kalangitan sa pamamagitan ng pagbababa ng ulan at mula sa kalupaan sa pamamagitan ng pagpapatubo ng mga pananim at iba pa? Ang sinasamba ba bukod sa Allâh ang gumagawa nito? Sabihin mo: "*Ipakita ninyo ang inyong katibayan kung kayo ay totoo sa inyong pag-angkin na ang Allâh* (ﷻ) *ay may katambal sa Kanyang Kaharian at sa pagsamba sa Kanya.*"

65-66. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ) "*Walang sinuman ang nakaaalam ng anumang nasa kalangitan gayundin sa kalupaan sa anumang sinarili ng Allâh* (ﷻ) *na kaalaman sa mga* '*Ghayb*,' *at hindi nila batid kung kailan sila bubuhayin na mag-uli mula sa kanilang mga libingan sa Araw ng Muling Pagkabuhay*." Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan kundi walang pag-aalinlangan, ang kabuuan ng kaaalaman hinggil sa Kabilang-Buhay at ang anuman na malalagim na pangyayari ay tiyak na mababatid nila kapag sila ay nandoroon na, at katiyakan, sila sa daigdig ay may pag-aalinlangan hinggil dito at higit sa lahat ay bulag sila at mangmang hinggil sa mga pangyayaring ito.

67. At sinabi ng mga yaong tinanggihan ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ): "*Kami ba at ang aming mga ninuno ay bubuhayin na mag-uli na katulad ng aming parehong kaanyuan pagkatapos ng aming kamatayan at pagkatapos naming naging alabok na?*

68. "*Katiyakan*, *pinangakuan kami ng pagkabuhay na mag-uli noon*, *kami at ang aming mga ninuno*, *subali't wala kaming nakikita na katibayan*, *na kung kaya*, *hindi kami naniwala*, *kung gayon*, *itong iyong mga pangako ay walang iba kundi nagmula lamang sa mga isinulat ng mga naunang tao na kasinungalingan sa kanilang mga aklat.*"

69. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga walang pananampalataya: "*Maglakbay kayo sa kalupaan*, *at pagmasdan ninyo ang mga tahanan ng mga nauna sa inyo na mga masasamang tao*, *kung ano ang kinahinatnan ng mga tumanggi sa mga Sugo? Pinuksa ba sila ng Allâh* (ﷻ) *dahil sa kanilang pagtanggi*, *at gagawin ng Allâh* (ﷻ) *sa kanila ang katulad ng mga ginawa sa mga walang pananampalatayang nauna sa kanila?*"

70. At huwag kang malungkot sa pagtalikod sa iyo ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh at pagtanggi nila sa paniniwala sa iyo, at huwag sumikip ang iyong dibdib sa kanilang mga pakana, dahil walang pag-aalinlangan na ang Allâh (ﷻ) ang tutulong sa iyo laban sa kanila.

71. At sinasabi ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ): "*Kailan pa ba mangyayari ang parusa na iyong ipinangako*, *na ito ay ibinababala mo sa amin*, *ikaw at ang iyong mga tagasunod*, *kung kayo ay totoo sa inyong mga ipinangako sa amin?*"

72. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Marahil ay malapit nang mangyari sa inyo ang ilan sa ipinamamadali ninyong parusa ng Allâh* (ﷻ)."

73. At katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay punung-puno ng kagandahang-loob sa sangkatauhan; dahil hindi Niya minamadali ang pagpaparusa sa kanilang kasamaan sa Kanya at sa kanilang pagtatanggi, magkagayunpaman ay karamihan sa kanila ay hindi tumatanaw ng utang na loob, sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya at pagiging taimtim nila sa pagsamba sa Kanya.

74. At katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang Siyang Ganap na Nakaaalam sa anumang kinikimkim ng mga tao sa kanilang mga dibdib at kung ano ang kanilang inilalantad.

75. At walang anumang nakatago sa kalangitan at kalupaan kundi ito ay nasa malinaw na talaan mula sa Allâh (ﷻ). At katiyakan, naitala sa talaang ito ang lahat ng mga nangyari at mangyayari pa lamang.

76. Katiyakan, isinalaysay ng Dakilang Qur'ân na ito, sa mga angkan ni Isrâ`il ang katotohanan hinggil sa maraming bagay, na sila ay hindi nagkasundu-sundo.



77. At katiyakan, ang Dakilang Qur'an na ito ay gabay mula sa pagkaligaw at awa mula sa kaparusahan, sa sinumang maniniwala rito at susunod sa patnubay nito.

78. Katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang Siyang magpapasiya sa pagitan ng mga di-nagkasundu-sundo mula sa angkan ni Isrâ`il at sa iba pa hinggil sa Kanyang batas na nasa kanila, ginagantihan Niya ang sinumang nagkakamali, at ginagantimpalaan Niya ang mabuti. At Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan, na kung kaya, walang sinuman ang makapipigil ng Kanyang pinagpasiyahan, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam, na kung kaya, hindi maaaring maghalo sa Kanya ang tama at kamalian.

79. Ipaubaya mo sa Allâh (ﷻ) ang iyong sarili, O Muhammad (ﷺ), sa lahat ng mga pangyayari sa iyo, at magtiwala ka sa Kanya; dahil walang pag-aalinlangan, sapat na Siya sa iyo, at katiyakang ikaw ay nasa malinaw na katotohanan na walang pag-aalinlangan.

80. Katiyakan, hindi mo kaya, O Muhammad (ﷺ), na maiparinig ang katotohanan sa sinumang isinara na ng Allâh (ﷻ) ang kanyang kalooban at pinatay na ang puso nito, at hindi mo na maipariringig ang iyong paanyaya sa sinumang biningi ng Allâh (ﷻ) ang kanyang pandinig upang hindi niya marinig ang katotohanan nang sila ay umiiwas na tinatalikuran ka.

81. At hindi mo kayang gabayan mula sa pagkaligaw ang sinumang binulag ng Allâh (ﷻ) mula sa gabay at patnubay, at hindi mo rin maipariringig ang anuman maliban lamang sa sinumang naniniwala sa Aming mga talata, dahil sila ay mga sumusuko na sumusunod sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) bilang Muslim, at tinutugunan ang iyong paanyaya sa kanila.

82. At kapag naging karapat-dapat na ang parusa sa kanila; dahil sa kanilang pagmamalabis sa mga kasalanan at paghihimagsik, sa pagtanggi nila sa batas ng

Allâh (ﷻ) at sa Kanyang pinagpasiyahan, hanggang sa sila ang naging pinakamasama sa lahat ng nilikha, ay ilalabas Namin sa kanila mula sa kalupaan sa dulo ng panahon ang isang tanda mula sa mga palatandaan ng oras ng dakilang pagkagunaw ng daigdig na ito ay isang '*Dhabb*' na malahayop ang kaanyuan na makikipag-usap sa kanila, dahil walang pag-aalinlangan, ang mga taong hindi naniwala sa Muling Pagkabuhay ay hindi rin sila naniwala sa Qur'ân, kay Muhammad (ﷺ) at sa kanyang '*Deen*,' at hindi nila ito isinasagawa.

83. At sa Araw ng Pagtitipun-tipon ay titipunin mula sa bawa't nasyon ang mga grupo na pinasinungalingan ang Aming mga katibayan at mga palatandaan, na kung saan doon ay iaantala ang una sa kanila hanggang sa dumating ang pinakahuli sa kanila; upang pagsama-samahin silang lahat, pagkatapos ay dadalhin sila para sa paghuhukom.

84-85. Hanggang kapag dumating na mula sa bawa't nasyon ang mga grupo ng mga tumanggi sa Aming mga palatandaan na magtitipun-tipon sila ay sasabihin ng Allâh (ﷻ): "*Pinasinungalingan ba ninyo ang Aking mga talata na Aking ipinahayag sa Aking mga Sugo*, *at ang mga talata na Aking ipinakita bilang katibayan na patunay sa Aking Kaisahan at Aking pagiging karapatan na pagsamba nang bukod-tangi*, *na ito ay hindi man lamang ninyo inunawa sa inyong mga sarili kung ito ba ay katotohanan*, *hanggang sa kayo ay tumalikod at ito ay inyong pinasinungalingan*, *o ano ba ang inyong kinagawian na gawin?*" Subali't naging karapat-dapat sa kanila ang hatol na parusa dahil sa kanilang pagiging masama at pagpapasinungaling, na kung kaya, sila ay hindi na makabibigkas pa ng anumang katibayan upang mapangalagaan nila ang kanilang mga sarili mula sa masamang mangyayari sa kanila.

86. Hindi ba nila nakita na mga tumanggi na pinasinungalingan ang Aming mga talata, na katiyakang ginawa Namin ang gabi upang sila ay makapamahinga at makatulog, at ang araw upang sila ay makakita at makapagsagawa ng anumang ikabubuhay? Katotohanan, sa pagsasalit-salitan nito ay tunay nga na katibayan sa mga taong naniniwala sa ganap na kabuuan ng kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang pagiging Bukod-Tanging Kaisahan sa pagsamba at sa kadakilaan ng Kanyang mga Biyaya.

87. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang Araw ng pag-ihip ng anghel sa trumpeta na magigimbal ang lahat ng mga nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan nang matinding pagkagimbal dahil sa tindi ng pangyayaring ito, maliban sa sinumang binukod ng Allâh (ﷻ) mula sa sinumang Kanyang pinarangalan at pinangalagaan mula sa pagkagimbal, at ang lahat ng mga nilikha ay tutungo sila sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha na nagpapakumbaba at mga nagsisitalima (sumusunod).

88. At makikita mo ang mga bundok na iisipin mong ang mga ito ay matatag na nakatayo, subali't ito ay gagalaw nang napakabilis na katulad ng mga ulap na dala-dala ng mga hangin, at ito ay kabilang sa mga nilikha ng Allâh (ﷻ), na ginawa Niya sa pinakamabuti't pinakaganap ang lahat ng Kanyang mga nilikha. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakaaalam sa anumang ginagawa ng Kanyang mga alipin mabuti man ito o masama, at ayon dito sila ay Kanyang tutumbasan.

89. At sinuman ang darating sa Araw ng Muling Pagkabuhay na dala-dala ang kanyang paniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) ng tunay na paniniwala na bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya at ang mga mabubuting gawa, ang para sa kanya mula sa Allâh (ﷻ) ay dakilang gantimpala na higit pa sa kanyang ginawa, na ito ay ang '*Al-Jannah*,' at sila sa Araw na kagimbal-gimbal ang pangyayari ay ligtas sa anumang kapahamakan.

90. At sino naman ang darating sa Araw ng Muling Pagkabuhay na dala-dala niya ang kanyang pagsamba ng iba bukod sa Allâh at ang mga masasamang gawain na kasuklam-suklam, ang kanilang kabayaran ay pagkaladkad sa kanila ng Allâh (ﷻ) na isinusubsob ang kanilang mga mukha sa Impiyerno, at sasabihin sa kanila bilang pag-aalipusta:

"*Di ba kayo ay pinagbabayad lamang sa kung ano ang inyong kinagawian na gawain sa daigdig?*"

91-92. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa sangkatauhan: "*Katiyakan, ang ipinag-utos lamang sa akin ay sambahin nang bukod-tangi ang Allâh* (ﷻ) *na* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng bayang ito, na ito ay ang Makkah, na kung saan, ipinagbawal Niya sa Kanyang mga nilikha ang pagpapatayan o pagdadanakan ng dugo rito, o di kaya ay pang-aapi ng sinuman, o di kaya ay pangangaso ng anumang hinuhuling hayop, o di kaya ay pagputol ng anumang puno mula rito, at para sa Allâh* (ﷻ) *na Luwalhati sa Kanya ang lahat ng bagay, at inutusan Niya ako na bukod-tanging sambahin lamang Siya na wala nang iba pa, at inutusan din Niya ako na maging kabilang sa mga mabilisang sumusunod sa Kanya at nagpapasailalim sa Kanyang kagustuhan bilang Muslim, at inutusan din Niya ako na bigkasin ang Dakilang Qur'ân sa mga tao, kung gayon, sinuman ang susunod sa anumang nilalaman nito at susunod sa anuman na dala-dala ko na mensahe.*

"*Walang pag-aalinlangan, ang anumang idudulot nitong kabutihan at gantimpala ay para lamang sa kanyang sarili; at sino naman ang naligaw sa katotohanan ay*

sabihin mo sa kanya, *O Muhammad* (ﷺ): '*Katiyakan*, *ako ay isa sa mga tagapagbabala na binalaan nila ang kanilang sambayanan*, *at hindi ko hawak ang patnubay sa anumang kaparaanan.*'"

93. At sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Ang pagpupuri ng kabutihan ay pagmamay-ari lamang ng Allâh* (ﷻ), *walang pag-aalinlangan*, *ipapakita Niya ang Kanyang mga palatandaan sa inyo mismong mga sarili at gayundin sa kalangitan at kalupaan*, *na kung kaya*, *makikilala ninyo Siya ng pagkakakilala na katulad ng pagkakaturo sa inyo ng kaibahan ng katotohanan sa kamalian*, *at kailanman ang iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay hindi nawawalay sa Kanyang kaalaman ang anuman na inyong ginagawa*, *at ayon dito kayo ay Kanyang tutumbasan nang karapat-dapat*.

سورة القصص 28

XXVIII – Sûrat Al-Qasas

[**Kabanata Al-Qasas** – Ang Pagsasalaysay]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Tâ-Sĩn-Mĩm* – Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Ito ay mga talata ng Kabanal-banalan na Qur'ân na ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na nagsasaad sa lahat ng pangangailangan ng mga alipin sa kanilang makamundong buhay at maging sa Kabilang-Buhay.

3. Isinasalaysay Namin sa iyo ang ilang bahagi sa katotohanang kuwento hinggil kay Mousã (عليه السلام) at Fir`âwn para sa mga taong naniniwala sa Dakilang Qur'ân, at naniniwala na ito ay nagmula sa Allâh (ﷻ) at sinusunod nila ang gabay nito.

4. Walang pag-aalinlangan, si Fir`âwn ay nagmataas at nagmalabis sa ibabaw ng kalupaan, at ginawa niya ang kanyang sambayanan na iba't ibang grupo, minamaliit niya ang isang grupo mula sa kanila at hinahamak, na sila ay yaong mga angkan ni Isrâ`îl, na pinapatay niya ang kanilang mga anak na kalalakihan at inaalipin naman niya ang kanilang mga kababaihan, na kung kaya, katiyakang siya ay kabilang sa mga namiminsala sa ibabaw ng kalupaan.

5. At nais Naming ibukod-tangi ang mga yaong hinamak ni Fir`âwn dito sa kalupaan, at sasanhiin Namin na pamunuan nila ang kalupaan ng kabutihan at mag-aakay tungo rito, at gagawin Namin silang tagapagmana rito sa kalupaan pagkatapos mawasak si Fir`âwn at ng kanyang sambayanan.



6. At itatatag sila rito sa kalupaan, at sasanhiin Namin sina Fir`âwn at Hâmân, at ang mga sundalo nilang dalawa, na makikita nila mula sa mahinang grupong ito, ang anuman na kinatatakutan nilang pagkawasak at pagkawala ng kanilang kaharian, at pagpapaalis sa kanila mula sa kanilang bayan sa pamamagitan ng isang ipapanganak na mula sa angkan ni Isrâ`îl.

7-8. At tuwirang inihayag Namin sa pamamagitan ng inspirasyon sa ina ni Mousã (عليه السلام) nang siya ay isinilang at nangangamba siya sa kanya na baka mapatay siya ni Fir`âwn na katulad ng ginawang pagpatay ni Fir`âwn sa mga anak na kalalakihan mula sa angkan ni Isrâ`îl: "*Pasusuhin mo siya na may kapanatagan sa iyong kalooban*, *at kapag natakot ka na mabatid ang hinggil sa kanya ay ilagay mo siya sa kahon at itapon mo ang kahon na ito sa ilog ng Nile*, *na wala kang pinangangambahang takot mula kay Fir`âwn at sa kanyang mga tauhan na siya ay mapapatay nila*, *at huwag kang malungkot sa paghiwalay niya sa iyo*, *dahil Kami sa katotohanan ay ibabalik Namin ang anak mo sa iyo at gagawin Namin siyang isa sa Aming mga Sugo*.

At siya ay kanyang inilagay sa kahon at itinapon sa ilog ng Nile, at natagpuan siya ng mga tauhan ni Fir`âwn at kanilang kinuha, at sinanhi ng Allâh (سبحانه وتعالى) ang ganoon upang maging kalaban siya para sa kanila at magiging sanhi ng kanilang pagdadalamhati, dahil nangyari ang kanilang pagkawasak sa pamamagitan niya. Walang pag-aalinlangan, si Fir`âwn, si Hâmân at ang kanilang mga tauhan ay kabilang sa mga makasalanan na sumasamba ng iba bukod sa Allâh.

9. At sinabi ng asawa ni Fir`âwn kay Fir`âwn: "*Ang batang ito ay tiyak na magiging dahilan ng kasiyahan at kapanatagan ng aking paningin at ng iyong paningin*, *na kung kaya*, *huwag ninyo siyang patayin*; *dahil baka maaaring makatagpo tayo ng kabutihan mula sa kanya o di kaya ay itituring natin siyang anak*," samantalang si

Fir`âwn at ang kanyang pamilya ay hindi nila batid na ang magiging dahilan ng kanilang pagkawasak ay magaganap sa pamamagitan niya.

10. At nawalan ng laman ang kalooban ng ina ni Mousã maliban sa pagkalungkot at pag-alaala kay Mousã (عليه السلام), at halos maihayag niya ang lihim na ito na si Mousã (عليه السلام) ay tunay niyang anak kung hindi lamang Namin siya pinatatag, at siya ay nagtiiis at hindi niya ito inihayag; upang siya ay maging kabilang sa mga naniwala sa pangako ng Allâh (سبحانه وتعالى) na mga nakatitiyak hinggil dito.

11. At sinabi ng ina ni Mousã sa kapatid ni Mousã na babae noong itinapon niya ito sa ilog: "*Sundan mo si Mousã* (عليه السلام) *upang malaman mo kung ano ang mangyayari sa kanya*," at sinundan nga niya ang mga bakas ni Mousã (عليه السلام) at siya ay nakamasid mula sa malayo, samantalang ang mga tauhan ni Fir`âwn ay hindi nila batid na siya pala ay kapatid niyang babae habang siya ay sinusundan nito.

12. At ipinagbawal Namin na makasuso si Mousã (عليه السلام) sa lahat ng tagapagpasuso hanggang sa hindi pa Namin siya naibabalik sa kanyang ina, at sinabi ng kanyang kapatid na babae: "*Nais ba ninyong ituro ko para sa inyo ang isang pamilya na pagbubutihin nila ang pag-aalaga at pagpapasuso sa kanya*, *habang sila ay naaawa sa kanya?*" At sumang-ayon sila sa kanyang mungkahi.

13. At sa ganoon Namin ibinalik si Mousã (عليه السلام) sa kanyang ina; upang mapanatag ang kanyang paningin, at tinupad Namin sa kanya ang pangako; dahil siya ay nakabalik sa kanya na ligtas na hindi napatay ni Fir`âwn, at wala siyang pinangambahan sa paghiwalay (o pansamantalang paglayo) na ginawa sa kanya, at upang mabatid niya na ang pangako ng Allâh (سبحانه وتعالى) ay totoo sa anuman na Kanyang ipinangako sa kanya, na si Mousã (عليه السلام) ay walang pag-aalinlangang ibabalik sa kanya at gagawing isa sa mga Sugo. Katiyakan, ang Allâh (سبحانه وتعالى) ay hindi Niya sinisira ang Kanyang pangako, subali't ang karamihan sa mga hindi naniniwala sa Kanya ay hindi nila batid na ang Allâh (سبحانه وتعالى) ay totoo sa Kanyang pangako.



14. At nang inabot na ni Mousã (ﷺ) ang edad ng kakisigan at hustong gulang, ay ipinagkaloob Namin sa kanya ang karunungan at kaalaman, na sa pamamagitan nito ay natutunan niya ang mga alituntunin ng batas, at kung paano Namin ginantimpalaan si Mousã (ﷺ) dahil sa kanyang pagsunod at kabutihan ay ganoon din Namin gagantimpalaan ang sinumang mabuti mula sa Aming mga alipin.

15. At pumasok si Mousã (ﷺ) sa siyudad nang palihim habang ang mga tao ay abala sa kanilang mga gawain, natagpuan niya roon ang dalawang lalaki na nag-aaway: ang isa sa kanila ay kabilang sa sambayanan ni Mousã (ﷺ) na mula sa angkan ni Isrâ`îl at ang isa naman ay mula sa sambayanan ni Fir`âwn, at humingi ng tulong ang kalahi ni Mousã (ﷺ) kay Mousã (ﷺ) laban sa kanyang kalaban, na kung kaya, sinuntok ni Mousã (ﷺ) sa pamamagitan ng kanyang kamao yaong kalaban at namatay, sinabi ni Mousã (ﷺ) noong napatay niya yaon: "*Ito ay mula sa masamang gawain ni* '*Shaytân*,' *dahil sa pinabugso niya ang aking galit hanggang sa siya ay aking nasuntok at namatay*, *katiyakan*, *si* '*Shaytân*' *ay kalaban ng angkan ni Âdam*, *na inililigaw niya ito mula sa Daan ng Patnubay*, *at napakalinaw ang kanyang pagiging kalaban.*" At ang nagawang ito ni Mousã (ﷺ) ay naganap bago pa siya naging Propeta.

16. Sinabi ni Mousã (ﷺ): "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katiyakan*, *naapi ko ang aking sarili sa pamamagitan ng pagpatay ko ng isang tao na hindi Mo ipinag-utos sa akin na patayin*, *na kung kaya*, *patawarin Mo ako sa aking nagawang kasalanan*, *at pinatawad siya ng Allâh* (ﷻ). Walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay '***Al-Ghafour***' – ang Ganap na Mapagpatawad sa pagkakasala ng Kanyang mga alipin, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

17. Sinabi ni Mousã (ﷺ): "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Dahil sa pinagkalooban Mo ako ng biyaya na pagpapatawad at masaganang kagandahang-*

loob, *kailanman ay hindi na ako magiging katulong ng sinuman para siya ay makagawa ng kasamaan at kasalanan.*"

18. At si Mousã (عليه السلام) ay patuloy na nanatili sa siyudad na natatakot, na nagmumuni-muni ng mga balita sa anumang pag-uusapan ng mga tao hinggil sa kanya at hinggil sa kanyang napatay, samantala sa gayong pagkakataon ay nakita na naman niya ang lalaki na humingi ng tulong kahapon na nakikipag-away na namang muli sa ibang Ehipsiyo, at humihingi na naman ng tulong sa kanya, sinabi ni Mousã (عليه السلام) sa kanya: "*Tunay na ikaw ay malinaw na nasa pagkaligaw*."

19. Nang nagpasiya na si Mousã (عليه السلام) na paluin niya ang Ehipsiyo, sinabi nito: "*Nais mo ba akong patayin na tulad ng ginawa mong pagpatay sa isang tao kahapon? Wala kang hangad kundi upang maghasik ng kapinsalaan sa kalupaan at hindi upang pag-ayusin ang pagitan ng mga tao na di nagkakasundu-sundo.*"

20. At samantala may dumating naman na isang lalaki na nagmamadali mula sa dulo ng siyudad, at sinabi niya: "*O Mousã* (عليه السلام), *katiyakan*, *ang mga matataas ng sambayanan ni Fir`âwn ay nagpapakana at nagkasundo na ikaw ay kanilang papatayin*, *na kung kaya*, *umalis ka na sa siyudad na ito dahil sa ako ay kabilang sa mabuting tagapagpayo at naaawa sa iyo*."

21. Umalis si Mousã (عليه السلام) mula sa siyudad ni Fir`âwn na natatakot na di-mapakali na baka siya ay maabutan ng mga naghahanap sa kanya at siya ay mahuhuli, kaya nanalangin siya sa Allâh (سبحانه وتعالى) na iligtas siya mula sa mga masasamang tao.



22. At nang naplano na niya na siya ay tutungo sa bayan ng Madyan at umalis na siya sa kaharian ni Fir`âwn, kanyang sinabi: "*Nawa'y gabayan ako ng aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa pinakamabuting daan patungo sa Madyan*."

23. At nang siya ay makarating sa lugar na pinagkukunan ng tubig ng mga taga-Madyan ay natagpuan niya roon ang grupo ng mga kalalakihan na nagpapainom ng kanilang mga inaalagaang hayop, at maliban sa kanila ay natagpuan niya ang dalawang kababaihan na nakabukod sa grupo ng mga kalalakihan, na naghihintay sila na pansamantalang inantala muna nila ang pagpapainom sa kanilang mga inaalagaang kambing dahil sa kanilang kahinaan na nahihirapan silang makipagsiksikan sa mga kalalakihan, at hinihintay nila na makaalis muna roon ang mga hayop na inaalagaan ng mga kalalakihan, pagkatapos ay saka pa lamang sila makapagpapainom ng kanilang mga inaalagaang hayop, at nang nakita sila ni Mousã (عليه السلام) ay naawa siya sa dalawa, pagkatapos ay sinabi niya: "*Ano ba ang problema ninyong dalawa* (*bakit nakatigil lamang kayo diyan*)*?*" Sinabi ng dalawa: "*Hindi namin kayang makipagsiksikan sa mga kalalakihan*, *at hindi namin kayang painumin ang aming mga inaalagaang hayop hanggang hindi pa natatapos magpainom ang mga kalalakihan*, *at ang aming ama naman ay matanda na*, *na hindi na niya kayang magpainom ng aming mga hayop dahil sa kanyang kahinaan at katandaan*."

24. At dahil doon ay pinainom ni Mousã (عليه السلام) para sa dalawang kababaihan ang kanilang mga inaalagaang hayop, pagkatapos siya ay tumungo sa lilim ng puno upang doon magpalilim at kanyang sinabi: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katiyakang ako ay nangangailangan sa anumang kabutihan na Iyong ipagkakaloob sa akin*, *na tulad ng pagkain*." At sa mga panahong yaon ay gutom na gutom na siya.

25. At dumating ang isa sa dalawang kababaihan na pinainom niya ang kanilang inaalagaang hayop na nahihiyang naglalakad, at kanyang sinabi: "*Katiyakan*, *pinapupunta ka ng aking ama upang ibigay sa iyo ang kaukulang halaga bilang kabayaran sa pagpapainom mo sa aming mga inaalagaang hayop.*" Na kung kaya, sumama si Mousã (عليه السلام) sa kanya tungo sa kanyang ama, at nang dumating sila sa kanyang ama, doon ay isinalaysay niya ang nangyari sa kanya at ni Fir`âwn at ng kanyang mga tagasunod, sinabi sa kanya ng ama ng babae: "*Huwag kang matakot dahil ligtas ka na mula sa mga masasamang tao*, *na ang mga ito ay sina Fir`âwn at ang kanyang mga tagasunod*; *dahil hindi na sakop ng kanilang kapangyarihan ang aming bayan.*"

26. Sinabi ng isa sa dalawang kababaihan sa kanyang ama: "*O aking ama! Kunin mo siya bilang tagapag-alaga ng iyong mga hayop*; *dahil ang pinakamabuti sa mga kalalakihan para sa iyo na kunin mong tagapag-alaga ng mga hayop ay malakas na kaya niyang alagaan ang iyong mga hayop at makapagkakatiwalaan na walang dapat ipangamba na dadayain ka sa anumang ipinagtiwala mo sa kanya*."

27. Sinabi ng matandang lalaki kay Mousã (عليه السلام): "*Katiyakan*, *nais kong mapangasawa mo ang isa sa aking dalawang anak na babae*, *na ang kapalit* (*bilang* '*Mahr*') *ay pagtatrabaho mo sa akin ng walong taon bilang tagapag-alaga ng aking mga hayop*, *at kung ito ay bubuuin mong sampung taon ay ituturing ko itong kagandahang-loob na mula sa iyo*. *Subali't hindi ko nais na ilagay ka sa kahirapan para ito ay gawin mong sampung taon*, *at sa kapahintulutan ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *ay matatagpuan mo ako na kabilang sa mga matatapat na mabuti ang aking pakikisama at pagpapatupad ng aking sinabi*."

28. Sinabi ni Mousã (عليه السلام): "*Ang sinabi mong ito ang magiging kasunduan sa pagitan ko at pagitan mo*, *na kung alinman sa dalawang panahon ang aking natupad sa pagtatrabaho ay natupad ko samakatuwid ang ating napagkasunduan at wala akong nagawang di-makatarungan*, *at ang Allâh* (سبحانه وتعالى) *ang walang pag-aalinlangang Saksi sa anuman na ating sinasabi at Tagapangalaga na Walang-Hanggang Nakamasid sa atin*, *at Nakaaalam sa anuman na ating pinagkasunduan*."



29. At nang naisakatuparan na ng Propeta ng Allâh na si Mousã (عليه السلام) ang sampung taon, na ito ang kabuuan ng ikalawang itinakdang kasunduan, ay umalis na siya kasama ang kanyang pamilya tungo sa Ehipto, na nakita niya sa gawing gilid ng bundok ng Tûr ang apoy, na kanyang sinabi sa kanyang pamilya: "*Magdahan-dahan muna kayo at maghintay sandali dahil sa ako ay nakakita ng apoy*; *at baka maaaring makapagdala ako para sa inyo mula sa apoy na yaon ng balita o di kaya ay makapagdala ako sa inyo ng nagniningas na gatong upang makapagpainit kayo mula sa kalamigan*."

30-31. At nang dumating si Mousã (عليه السلام) sa apoy, ay tinawag siya ng Allâh (سبحانه وتعالى) na ang tinig ay nagmula sa gawing kanan ng lambak, na kung saan si Mousã (عليه السلام) ay nasa banal na lugar mula sa tabi ng puno: "*O Mousã! Katiyakan*, *Ako ang Allâh* (سبحانه وتعالى) *na* '*Rabb*' *ng lahat ng mga nilikha at inuutusan kita na bitiwan mo ang iyong tungkod*," at binitiwan nga ito ni Mousã (عليه السلام) at ito naman ay naging ahas na gumagalaw, at nang makita ni Mousã (عليه السلام) na ito ay gumagalaw na parang sinapian ng '*Jinn*' na mga ahas ay tumalikod siya na tumalilis, at hindi na siya lumingon pa dahil sa kanyang takot, at tinawag siya ng Allâh (سبحانه وتعالى) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha: "*O Mousã! Humarap ka sa Akin at huwag kang matakot*; *dahil ikaw ay kabilang sa mga maliligtas sa anumang di kanais-nais na mangyayari*."

32. "*Ipasok mo ang iyong kamay sa butas ng iyong kasuotan at ilabas mo pagkatapos nito at ito ay magiging kulay puti na parang yelo sa kaputian nito subali't hindi naman ito ketong*, *at iyakap mo ito sa dibdib mo upang mawala ang takot mo*, *at itong dalawang ipinakita Ko sa iyo*, *O Mousã* (عليه السلام): *ang pagiging ahas ng tungkod at pagputi ng iyong kamay na kumikinang sa kaputian na hindi naman sakit na ketong*, *ay dalawang tanda na mula sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na ipapakita mo o dadalhin mo kay Fir`âwn at sa matataas mula sa kanyang sambayanan. Katiyakan*, *si Fir`âwn at ang kanyang mga tagasunod ay kabilang sa mga hindi naniwala*."

33-34. Sinabi ni Mousã (عليه السلام): "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ako ay nakapatay mula sa sambayanan ni Fir`âwn ng isang tao*, *na kung kaya*, *natatakot ako na baka ako ay papatayin din nila*, *at ang aking kapatid na si Hâroun ay mas bihasa kaysa akin sa pananalita*, *na kung kaya*, *isugo Mo siya*, *kasama ko bilang aking makatutulong upang siya ay magpatotoo sa akin*, *at maipaliwanag niya sa kanila mula sa akin ang anumang kapaliwanagan na ipaparating Mo sa kanila*. *Katiyakan*, *natatakot ako na baka ako'y pasinungalingan nila kapag sinabi ko sa kanila*: '*Katiyakan*, *ako ay walang pag-aalinlangang ipinadala bilang Sugo sa kanila*.'"

35. Sinabi ng Allâh (سبحانه وتعالى) kay Mousã (عليه السلام): "*Walang pag-aalinlangan*, *palalakasin ka Namin sa pamamagitan ng iyong kapatid*, *at ibibigay Namin sa inyo ang katibayan laban kay Fir`âwn at sa kanyang sambayanan*, *na sila ay hindi makagagawa ng anumang kasamaan sa inyo*; *kayong dalawa*, *ikaw Mousã* (عليه السلام) *at si Hâroun at ang sinumang sumunod sa inyong dalawa ay magtatagumpay laban kay Fir`âwn at sa kanyang sambayanan*; *dahil sa ang Aming mga palatandaan at ang anuman na pinatutunayan nito ay pawang katotohanan*."



36. At nang dumating si Mousã (عليه السلام) kay Fir`âwn at sa kanyang mga matataas na tauhan na dala-dala nila ang Aming mga palatandaan at mga katibayaan na nagpapatunay sa pagiging totoo ng dala-dala ni Mousã (عليه السلام), na ito ay mula sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, sinabi nila kay Mousã (عليه السلام): "*Kung ano man ang dala-dala mo sa amin ay walang iba kundi inyong inimbentong salamangka bilang kasinungalingan at walang katotohanan*, *at wala kaming narinig na katulad nitong mga inaangkin ninyo sa mga nauna sa amin na mga sinaunang tao*."

37. At sinabi ni Mousã (عليه السلام) kay Fir`âwn: "*Ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Siyang Ganap na Nakaaalam kung sino ang totoo sa ating dalawa*, *na kung ang dala-dala ba niya ay patnubay mula sa Kanya*, *at kung sino ang mabuti ang kanyang patutunguhan sa Kabilang-Buhay*, *dahil walang pag-aalinlangan*, *hindi magtatagumpay ang mga masasama sa kanilang mga hangarin.*"

38. At sinabi ni Fir`âwn sa kanyang matataas na mga tauhan: "*O kayong mga tao na mula sa mga matataas na antas*, *wala akong alam para sa inyo na diyos na maliban sa akin na karapat-dapat na sambahin*, *na kung kaya*, *magpaapoy ka para sa akin*, *O Hâmân*, *hanggang sa ito ay magningas at ihurno mo ako ng mga bloke*, *at igawa mo ako ng napakataas na palasyong tore*; *upang makita ko ang Diyos na sinasamba ni Mousã at nag-aanyaya tungo sa pagsamba sa Kanya*, *at katunayan*, *ako ay may pag-aalinlangan na si Mousã ay isa sa mga sinungaling sa kanyang mga pinagsasasabi*."

39. At nagmataas si Fir`âwn at ang kanyang mga sundalo sa kalupaan ng Ehipto gayong wala silang karapatan hinggil sa pagtanggi kay Mousã (عليه السلام) at di-pagsunod sa anumang kanyang paanyaya sa kanila, at iniisip nila pagkatapos nilang mamatay ay hindi na sila bubuhayin pa na mag-uli.

40. At pinuksa Namin si Fir`âwn at ang kanyang mga sundalo at dinala Namin silang lahat sa karagatan at nilunod Namin sila roon, na kung kaya, pagmasdan mo, O Muhammad (ﷺ), kung ano nga ba ang nagiging katapusan nila na mga masasama na inapi nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng kanilang pagmamataas at hindi nila paniniwala sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

41. At ginawa Namin si Fir`âwn at ang kanyang mga tagasunod bilang mga pinuno na nag-anyaya at nagbulid sa mga tao tungo sa Impiyerno, dahil tinularan nila ang mga walang pananampalataya at mga masasama, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay hindi na sila matutulungan pa; dahil sa kanilang di-paniniwala at pagtanggi sa Sugo ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha na ipinadala sa kanila at sila ay nanatili sa pagtangging ito.

42. At ginawa Namin na isang sumpa sa sinumang susunod kay Fir`âwn at sa kanyang mga tagasunod dito sa daigdig, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay kasuklam-suklam para sa kanila ang kanilang mga ginawa at mapapalayo sila mula sa Awa ng Allâh (ﷻ).

43. At katiyakan, ipinagkaloob Namin kay Mousã (عليه السلام) ang '*Tawrah*' pagkatapos Naming wasakin ang mga naunang henerasyon pagkatapos niya – na tulad ng sambayanan ni Nûh, `Âd, Thamoud, Lût at ang mga nanirahan sa Madyan – at nilalaman nito ('*Tawrah*') ang mga paglilinaw para sa mga angkan ni Isrâ`il, na rito ay malilinawan nila ang anumang ikabubuti nila at anumang ikapapahamak nila, at nandirito rin ang awa sa sinumang magpapatupad nito sa kanila; upang maalaala nila ang mga Biyaya ng Allâh (ﷻ) sa kanila, at tatanaw sila ng utang na loob at ito ay hindi nila babalewalain.



44. At wala ka noon, O Muhammad (ﷺ), sa gawing kanluran na tabi ng bundok ng Sinai nang inutusan Namin si Mousã (عليه السلام) hinggil sa Aming Batas, na mga Kautusan at pagbabawal, at hindi ka kabilang sa mga saksi roon, upang sabihin sa iyo na ito ay dumating sa iyo sa gayong kaparaanan.

45. Subali't lumikha Kami ng mga henerasyon pagkatapos ni Mousã (عليه السلام) at lumipas na ang maraming panahon pagkatapos nilang manatili, pagkatapos ay nakalimutan na nila ang Pangako ng Allâh (ﷻ) at tinalikuran nila ang Kanyang pag-uutos. At hindi ka rin kabilang sa mga nanirahan sa Madyan para basahin mo sa kanila ang Aming Kapahayagan, upang mabatid mo ang kuwento hinggil sa kanila at ito ay isasalaysay mo, samakatuwid ang kuwentong ito na dala-dala mo hinggil kay Mousã (عليه السلام) ay walang pag-aalinlangan na '*Wahee*' o Rebelasyon, at bilang testigo para sa mensahe na dala-dala mo.

46. At wala ka (rin), O Muhammad (ﷺ), sa tabi ng bundok ng Tûr noong tinawag Namin si Mousã (عليه السلام), at wala ka ring anumang nakita hinggil doon para ito ay mabatid mo, kundi ipinadala ka bilang habag mula sa Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha; upang balaan mo ang mga tao, na walang dumating sa kanila na babala bago ang pagkakapadala sa iyo; upang tanggapin nila bilang payo na kabutihan ang dala-dala mo at ito ay kanilang ipatupad, at ipinagbabawal mo ang masama upang ito ay kanilang iwasan.

47. At kung hindi ka Namin ipinadala sa mga taga-Makkah na walang pananampalataya, kung sakaling may kaparusahan na nangyari sa kanila dahil sa kanilang di-paniniwala sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha ay kanilang sasabihin: "*O aming* '*Rabb!*' *Bakit hindi Ka muna nagpadala ng Sugo sa amin bago ito nangyari, nang sa gayon ay masunod namin ang Iyong ipinahayag na mga talata sa Iyong Aklat at kami ay maging kabilang sa mga naniwala sa Iyo?*"

48. Subali't noong dumating sa kanila si Muhammad (ﷺ) bilang babala mula sa Amin, kanilang sinabi: "*Hindi ba nararapat na ang Sugo na ipinadala sa amin ay mayroong mga lantarang himala na katulad ng kay Mousã* (عليه السلام) *at Aklat na minsanang ibinaba?*" Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Hindi ba tumanggi rin sila na mga Hudyo mula sa mga dala-dala ni Mousã* (عليه السلام) *noon sa kanila?*" At kanilang sinabi hinggil sa '*Tawrah*' at Qur'ân: "*Ito ay dalawang uri ng salamangka*, *na nagtutulungan sa isa't isa sa pagiging salamangka nito!*" At kanilang sinabi: "*Katiyakan*, *sa parehong* (*Kasulatan*) *kami ay hindi naniniwala.*"

49. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Magpakita kayo ng Aklat na nagmula sa Allâh* (ﷻ) *na mas matuwid pa kaysa sa* '*Tawrah*' *at Qur'ân*, *at ito ay aking susundin*, *kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin*."

50. At kapag hindi sila tumugon sa iyo bilang pagpapakita ng Aklat at katiyakang wala silang anumang maipakikitang katibayan, dapat mong mabatid kung gayon na ang sinusunod lamang nila ay ang kanilang sariling kagustuhan, at wala nang hihigit sa pagkaligaw kaysa sa kanya na ang sinusunod lamang ay ang kanyang sariling kagustuhan na walang patnubay mula sa Allâh (ﷻ). Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya ginagabayan sa katotohanan ang mga taong masasama na lumabag sa Kanyang kautusan at lumampas sa hangganang Kanyang itinakda.



51. At katiyakan, ipinaliwanag Namin ang Qur'ân bilang habag sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), nang sa gayon ay makaalaala sila at mapagkunan nila ito ng aral.

52. Ang mga yaong pinagkalooban Namin ng Kasulatan na nauna sa Dakilang Qur'ân – na sila ay ang mga Hudyo at mga Kristiyano na hindi nila pinalitan ang Aklat – ay naniwala rin sila sa Dakilang Qur'ân at kay Muhammad (ﷺ).

53. At kapag binigkas ang Dakilang Qur'ân sa mga yaong pinagkalooban ng naunang Kasulatan, kanilang sasabihin: "*Naniwala kami at sinusunod namin ang anuman na nilalaman nito*, *walang pag-aalinlangan*, *ito ay katotohanan na mula sa Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha. Katotohanan*, *kahit na noon pa man bago ang pagkaka-pahayag nitong Qur'ân ay sumusuko na kami nang ganap sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ) *at pinaniniwalaan na namin ang Kanyang Kaisahan bilang Muslim dahil ang* '*Deen*' *ng Allâh* (ﷻ) *ay bukod-tangi na walang iba kundi ang Islâm.*"

54-55. Sila na mga yaong naisalaysay ang kanilang katangian ay ipagkakaloob sa kanila ang gantimpala ng kanilang gawain nang doble: dahil sa kanilang paniniwala sa kanilang Aklat, at sa kanilang paniniwala sa Dakilang Qur'ân, at sa kanilang pagtitiis, at kabilang sa mga katangian nila ay pinangangalagaan nila ang kanilang mga sarili mula sa mga kahalayan at masasamang gawain sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga kabutihan, at ginagasta nila sa daan ng kabutihan ang anumang Aming ipinagkaloob sa kanila na mga biyaya. At kapag nakarinig sila ng mahalay na salita ay lumalayo sila mula rito at hindi nila ito pinagtutuunan ng pansin, at kanilang sinasabi: "*Para sa amin ang aming mga gawain na hindi kami lumilihis mula rito*, *at para sa inyo rin ang inyong mga gawain at ang anumang kaparusahan para rito*, *at hindi kami nag-aaksaya ng panahon para sagutin ang anumang ipinukol* (*o sinabi*) *sa amin na masasamang salita*, *at wala kayong maririnig sa amin kundi pawang*

kabutihan lamang at hindi namin ito tutugunan nang pabalang o pangit na salita dahil sa inyong kakulangan ng kaalaman; *dahil hindi namin nais na tahakin ang daan ng kamangmangan at ito ay hindi namin gugustuhin*." At ito ang pinakamabuti na marapat sabihin ng mga nag-anyaya tungo sa Allâh (ﷻ).

56. Katiyakan, ikaw, O Muhammad (ﷺ), ay hindi mo kayang gabayan ang sinumang nais mong gabayan, kundi ang paggagabay ay nasa Allâh (ﷻ) lamang na ginagabayan Niya ang sinuman na Kanyang nais tungo sa paniniwala at nagpapatnubay Siya para rito, at Siya ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa sinumang karapat-dapat na gabayan kaya ito ay Kanyang ginabayan.

57. At sinabi ng mga walang pananampalataya na taga-Makkah: "*Kung susunod kami sa katotohanan na dala-dala mo at babalewalain namin ang aming sinusunod at sinasamba*, *ay pagdadadamputin kami mula sa aming bayan*, *papatayin*, *bibihagin*; *o di kaya ay aagawin ang aming mga kayamanan.*" Hindi ba ginawa Namin na sila ay namumuhay nang mapayapa sa ligtas at tahimik na bayan, at ipinagbawal Namin sa mga tao rito na magpadanak ng dugo, at dinadala tungo rito ang lahat ng bunga bilang kabuhayan na mula sa Amin? Subali't magkagayunpama'y karamihan sa kanila ay sumasamba pa rin ng iba bukod sa Allâh na hindi nila batid ang kahalagahan ng mga biyayang ito sa kanila, upang sila ay tumanaw ng utang na loob sa nagkaloob nito sa kanila at sila ay susunod sa Kanya.

58. At karamihan sa mga nanirahan sa mga bayan na Aming winasak ay hindi marunong magpasalamat sa marangyang pamumuhay na kanilang tinamasa, na sila ay nalinlang at lumayo sa paniniwala sa mga Sugo, na kung kaya, sila ay tumanggi at nagmalabis sa pamamagitan ng pagsagawa ng kasamaan. At ang kanilang mga tinirhan ay nandoroon pa rin na wala nang nanirahan pagkatapos nila kundi mangilan-ngilan na lamang. At katiyakan, Kami ang Ganap na Nagmamay-ari ng mga tao at Kami ang nagsasanhi ng kanilang kamatayan, pagkatapos sila ay magbabalik sa Amin at papagbabayarin sa anuman na kanilang nagawa.

59. At kailanman ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), ay hindi Niya wawasakin ang mga bayan na nakapalibot sa Makkah sa iyong kapanahunan hanggang hindi Siya makapagpadala mula sa pinakainang bayang ito – na ito ay Makkah – ng isang Sugo, na siya ay magpapahayag sa kanila ng Aming mga talata, at hindi rin Namin wawasakin ang mga bayan maliban na lamang kung ang mga nanirahan dito ay masasama na inaapi nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng di-nila paniniwala sa Allâh (ﷻ) at paglabag sa Kanyang kagustuhan, at sa gayong kadahilanan ay magiging karapat-dapat sila sa parusa.



وَمَآ أُوتِيتُم مِّن شَىْءٍ فَمَتَٰعُ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا وَزِينَتُهَا ۚ وَمَا عِندَ
ٱللَّهِ خَيْرٌ وَأَبْقَىٰٓ ۚ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿٦٠﴾ أَفَمَن وَعَدْنَٰهُ وَعْدًا حَسَنًا
فَهُوَ لَٰقِيهِ كَمَن مَّتَّعْنَٰهُ مَتَٰعَ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ثُمَّ هُوَ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ
مِنَ ٱلْمُحْضَرِينَ ﴿٦١﴾ وَيَوْمَ يُنَادِيهِمْ فَيَقُولُ أَيْنَ شُرَكَآءِىَ ٱلَّذِينَ
كُنتُمْ تَزْعُمُونَ ﴿٦٢﴾ قَالَ ٱلَّذِينَ حَقَّ عَلَيْهِمُ ٱلْقَوْلُ رَبَّنَا هَٰٓؤُلَآءِ
ٱلَّذِينَ أَغْوَيْنَآ أَغْوَيْنَٰهُمْ كَمَا غَوَيْنَا ۖ تَبَرَّأْنَآ إِلَيْكَ ۖ مَا كَانُوٓا۟ إِيَّانَا
يَعْبُدُونَ ﴿٦٣﴾ وَقِيلَ ٱدْعُوا۟ شُرَكَآءَكُمْ فَدَعَوْهُمْ فَلَمْ يَسْتَجِيبُوا۟
لَهُمْ وَرَأَوُا۟ ٱلْعَذَابَ ۚ لَوْ أَنَّهُمْ كَانُوا۟ يَهْتَدُونَ ﴿٦٤﴾ وَيَوْمَ يُنَادِيهِمْ
فَيَقُولُ مَاذَآ أَجَبْتُمُ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٦٥﴾ فَعَمِيَتْ عَلَيْهِمُ ٱلْأَنۢبَآءُ
يَوْمَئِذٍ فَهُمْ لَا يَتَسَآءَلُونَ ﴿٦٦﴾ فَأَمَّا مَن تَابَ وَءَامَنَ وَعَمِلَ
صَٰلِحًا فَعَسَىٰٓ أَن يَكُونَ مِنَ ٱلْمُفْلِحِينَ ﴿٦٧﴾ وَرَبُّكَ
يَخْلُقُ مَا يَشَآءُ وَيَخْتَارُ ۗ مَا كَانَ لَهُمُ ٱلْخِيَرَةُ ۚ سُبْحَٰنَ
ٱللَّهِ وَتَعَٰلَىٰ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٦٨﴾ وَرَبُّكَ يَعْلَمُ مَا تُكِنُّ
صُدُورُهُمْ وَمَا يُعْلِنُونَ ﴿٦٩﴾ وَهُوَ ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ لَهُ
ٱلْحَمْدُ فِى ٱلْأُولَىٰ وَٱلْءَاخِرَةِ ۖ وَلَهُ ٱلْحُكْمُ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٧٠﴾

60. At hindi kayo pinagkalooban, O kayong mga tao, ng anumang bagay na tulad ng kayamanan o mga anak, kundi ito ay kasiyahan na pansamantala lamang upang kayo ay masiyahan dito sa buhay sa daigdig, at bilang palamuti upang mapalamutian ang buhay ninyo rito, subali't ang anumang inilaan ng Allâh (ﷻ) para sa mga sumusunod at nagmamahal sa Kanya ay napakahigit at walang-hanggang nananatili; dahil sa ito ay patuloy na walang katapusan, na kung kaya, di ba nararapat na mag-isip kayo, O kayong mga tao, at pag-aralan ito upang maintindihan ninyo kung ano ang mas nakabubuti at kung ano ang hindi?

61. Siya ba na Aming pinangakuan mula sa Aming nilikha ng '*Al-Jannah*' dahil sa kanyang pagsunod sa Amin – na walang pag-aalinlangang matatagpuan niya na totoo ang ipinangako sa kanya at siya ay katiyakang patutungo roon – ay katulad din ba siya ng sinumang pinasaya lamang Namin ng kasiyahan dito sa buhay sa daigdig at siya ay nagpakasaya at mas ginusto niya ang panandalian na kasiyahan na may katapusan, pagkatapos siya sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay pahaharapin para sa paghuhukom at pagbabayad?

Hindi maaaring magkatulad ang dalawang uri ng taong ito, na kung kaya, piliin ng sinumang may kaisipan para sa kanyang sarili kung ano ang mas makabubuti para sa kanya na piliin, na ito ay pagsunod sa Allâh (ﷻ) at paghahangad ng Kanyang pagmamahal.

62. At sa Araw na mananawagan ang Allâh (ﷻ) sa mga yaong '*Mushrikin*' – sumamba ng iba bukod sa Allâh na mga tao at mga rebulto rito sa daigdig, at Kanyang sasabihin sa kanila: "*Nasaan na ang mga yaong inyong sinamba na iba na inaangkin ninyo na sila ay Aking mga katambal?*"

63. Sasabihin ng mga yaong karapat-dapat para sa kanila ang parusa, na sila ang mga yaong nag-anyaya tungo sa maling paniniwala: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Sila ang mga yaong iniligaw namin*, *na iniligaw namin sila na katulad din ng*

pagkaligaw namin sa aming mga sarili, *itinatatwa* (*o itinatanggi*) *namin sila ngayon tungo sa Iyo at ganoon din ang aming ginawang pagsunod at pagmamahal sa kanila. Hindi kami ang kanilang sinamba kundi ang kanilang sinamba ay mga* '*Shayâtin*' (*mga Satanas*)."

64. Sasabihin sa mga yaong sumamba ng iba bukod sa Allâh sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "*Tawagin ninyo ang inyong mga sinamba na sinamba ninyo sila bukod sa Allâh*," at sila ay tatawagin nila subali't hindi sila tutugon sa kanila at makikita nila ang parusa. Kung sila ay nagabayan lamang sa katotohanan dito sa daigdig ay hindi sila mapaparusahan.

65. Sa Araw na tatawagin ng Allâh (ﷻ) ang mga '*Mushrikin*' – yaong sumamba ng iba bukod sa Allâh, na Kanyang sasabihin: "*Ano ba ang inyong itinugon sa mga Sugo na Aming ipinadala sa inyo?*"

66. At wala silang maipapakita na anumang katibayan, at hindi na nila alam kung paano sila mangangatwiran, na kung kaya, hindi sila makapagtatanungan sa isa't isa ng tanong na mapakikinabangan nila sa kanilang ikakatwiran.

67. Subali't ang sinumang nagsisi mula sa mga sumamba ng iba at naging taos-puso ang kanyang pagsamba sa Allâh (ﷻ), at isinagawa niya ang anumang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo, siya kung gayon ay magiging kabilang sa mga magtatagumpay dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

68. At ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay nililikha Niya ang anuman na Kanyang nais na likhain, at pinipili Niya sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang nilikha, at walang sinuman ang may karapatan na anuman sa pagpili Niya rito, dahil sa ito ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi, na Luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Siya ay ligtas sa anuman na kanilang ginagawang pagtatambal.

69. At ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang Ganap na Nakaaalam sa kung ano ang kinikimkim sa mga dibdib ng Kanyang mga nilikha at kung ano ang kanilang inilalantad.

70. At Siya ang Allâh (ﷻ); '*Lâ i-lâ-ha il-la Huwa*' – walang sinumang diyos na sinasamba o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin bukod sa Kanya, Siya lamang ang Bukod-Tanging Nagmamay-ari ng papuri at pinakamabubuting pasasalamat dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, sa Kanya lamang ang bukod-tanging pagpapasiya sa pagitan ng Kanyang mga nilikha, at sa Kanya ibabalik ang lahat pagkatapos ng kamatayan para sa paghuhukom at pagbabayad.



71. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Sabihin nga ninyo sa akin, O kayong mga tao! Kung gagawin ng Allâh* (ﷻ) *para sa inyo ang gabi na tuluy-tuloy hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sino pa kayang sinasamba bukod sa Allâh ang makapagbibigay sa inyo ng liwanag? Hindi ba kayo nakaririnig ng pakinig na may pag-intindi at pagtanggap?*"

72. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Sabihin nga ninyo sa akin, O kayong mga tao! Kung gagawin ng Allâh* (ﷻ) *para sa inyo ang araw na tuluy-tuloy hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sino pa kayang sinasamba bukod sa Allâh ang makapagbibigay sa inyo ng gabi upang kayo ay makapagpahinga at magkaroon ng katahimikan? Hindi ba nakikita ng inyong mga mata ang pagkakaiba ng gabi at araw?*"

73. At kabilang sa Kanyang kagandahang-loob sa inyo, O kayong mga tao, na ginawa Niya para sa inyo ang gabi at araw, at pinagsalit-salit niya ito sa isa't isa, at ginawa Niya ang gabi na madilim; upang kayo ay magkaroon ng katahimikan at makapagpahinga ang inyong mga katawan, at ginawa Niya para sa inyo ang araw na maliwanag; upang kayo ay makapaghanap-buhay at upang kayo ay tatanaw ng utang na loob sa Kanyang mga biyaya sa inyo.

74. At tandaan ang Araw na tatawagin ng Allâh (ﷻ), sila na mga sumamba ng iba at Kanyang sasabihin sa kanila: "*Nasaan na ang inyong mga sinamba na inaangkin ninyo na sila ay Aking katambal sa daigdig?*"

75. At kukunin Namin sa bawa't sambayanan mula sa mga sambayanan na tumanggi ang kanilang saksi, na siyang sasaksi sa anumang nangyari sa kanila sa daigdig na pagsamba nila ng iba at pagtanggi nila sa mga Sugo, na sasabihin Namin sa kanila na mga sambayanang tumanggi sa kanilang mga Sugo at sa anuman na dala-dala ng mga ito mula sa Allâh (ﷻ): "*Ipakita ninyo ang inyong katibayan sa ginawa ninyong*

pagsamba ng iba bilang katambal ng Allâh," at mababatid nila roon na ang matibay na katibayan laban sa kanila at ang katotohanan ay pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ), at maglalaho na ang anuman na kanilang inimbento laban sa Allâh (ﷻ) at hindi na nila ito mapakikinabangan pa, bagkus ito ay kapinsalaan na magsasanhi ng pagkakatapon sa kanila sa Impiyernong-Apoy.

76. Katiyakan, si Qâroun ay kabilang sa sambayanan ni Mousã (عليه السلام) na lumampas sa kanyang hangganan sa pamamagitan ng kanyang pagmamataas at pagmamalabis. At pinagkalooban Namin siya ng kayamanan na napakasagana, dahil sa ang mga susi nito ay mahihirapang buhatin ng maraming malalakas na mga kalalakihan.

Alalahanin noong sinabi sa kanya ng kanyang sambayanan: "*Huwag kang labis na magpakasaya sa anumang tinataglay mong kayamanan*, *dahil walang pag-aalinlangang ang Allâh* (ﷻ) *ay hindi Niya minamahal ang mga mayayabang mula sa Kanyang mga nilikha na hindi tumatanaw ng utang na loob sa anumang ipinagkaloob sa kanila*.

77. "*Kundi hangarin mo mula sa anumang ipinagkaloob ng Allâh* (ﷻ) *sa iyo na kayamanan ang gantimpala sa Muling Pagkabuhay*, *sa pagsagawa sa pamamagitan nito ng pagsunod sa Allâh* (ﷻ) *dito sa daigdig*, *at huwag mo rin namang kaligtaan ang iyong bahagi rito sa daigdig na pagpapakasaya sa pamamagitan ng kinita mo na legal na walang pagmamalabis*, *at maging mabuti ka sa mga tao sa pamamagitan ng pagbibigay ng kawanggawa na tulad ng pagiging mabuti sa iyo ng Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng pagkaloob sa iyo ng masaganang kayamanan*, *at huwag mong hangarin ang anumang ipinagbabawal ng Allâh* (ﷻ) *sa iyo na pang-aapi sa iyong sambayanan. Katiyakan*, *hindi minamahal ng Allâh* (ﷻ) *ang gumagawa ng mga kapinsalaan*."



78. Sinabi ni Qâroun sa kanyang sambayanan na nagpayo sa kanya: "*Itong kayamanan na pagmamay-ari ko ay nakamtan ko dahil sa aking kaalaman at kapangyarihan*." Hindi ba batid ni Qâroun na ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangang winasak Niya ang mga nauna sa kanya na mga Nasyon na mas matindi pa ang kanilang kapangyarihan kaysa kanya at mas masagana kaysa kanya ang kanilang mga kayamanan? At hindi na tatanungin ang mga masasamang tao sa kanilang nagawang kasalanan; dahil alam na ito ng Allâh (ﷻ), at kung tinatanong man sila ay kundi isang pag-aalipusta lamang sa kanila bilang pagpapatunay ng kanilang nagawa, at paparusahan sila ng Allâh (ﷻ) sa anuman na batid Niya hinggil sa kanila.

79. At inilantad ni Qâroun sa kanyang sambayanan ang kanyang palamuti at kayabangan na nais niyang ipakita ang kanyang kadakilaan at dami ng kanyang kayamanan, noong nakita niya ang mga yaong mapaghangad ng kinang na makamundo, na kanilang sinabi: "*Sana ay nagkaroon din tayo ng kayamanan at kinang ng daigdig at mataas na antas na tulad ni Qâroun dahil siya ay pinagkalooban ng masaganang kayamanan dito sa daigdig*."

80. At sinabi ng mga yaong pinagkalooban ng kaalaman hinggil sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang batas, at batid nila ang katotohanan hinggil sa mga bagay-bagay na sinabi ng mga yaong mapaghangad ng kinang na makamundo na sana ay nagkaroon din kami ng katulad ng ipinagkaloob kay Qâroun: "*Kapighatian sa inyo*, *matakot kayo sa Allâh* (ﷻ) *at sundin ninyo Siya! Ang gantimpala ng Allâh* (ﷻ) *para sa sinumang naniwala sa Kanya at sa Kanyang mga Sugo at gumawa ng mga mababuting gawa ay higit na mabuti kaysa sa ipinagkaloob kay Qâroun*, *at walang sinuman ang tatanggap ng ganitong pagpapayo at magagabayan tungo rito at magpatupad nito maliban sa sinumang pinangangalagaan at pinipigilan niya ang kanyang sarili at nagtitiis siya habang siya ay sumusunod sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ) *at umiiwas sa mga paglabag sa Kanya*."

81. Samakatuwid, ipinalamon Namin si Qâroun at ang kanyang tahanan sa kalupaan, na kung kaya, walang sinumang grupo ang nakatulong sa kanya maliban sa kung ito ay kagustuhan ng Allâh (ﷻ), at hindi siya nagkaroon ng kakayahan na pigilin ang parusa ng Allâh (ﷻ) noong ito ay nangyari sa kanya.

82. At ang mga yaong naghangad ng katulad ng karangyaang ipinatamasa kay Qâroun bago naganap sa kanya ang kaparusahan ay kanilang sinabi bilang paninisi sa kanilang mga sarili, pag-iintindi at pagkatakot na mangyari sa kanila ang parusa: "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay pinaluluwag Niya sa kabuhayan ang sinuman na Kanyang nais at hinihigpitan Niya ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin. Kung hindi lamang nahabag ang Allâh* (ﷻ) *sa atin at hindi na tayo pinarusahan sa anuman na ating sinabi ay ipinalamon na rin Niya tayo sa kalupaan na tulad ng Kanyang ginawa kay Qâroun! Samakatuwid*, *hindi mo ba alam na walang pag-aalinlangang hindi magtatagumpay ang mga walang pananampalataya rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay?*"

83. Yaong tahanan sa Kabilang-Buhay na ginawa Namin doon ang mga kasiyahan, ay itatalaga Namin sa sinumang hindi nagnanais na magmataas sa pamamagitan ng pagtanggi sa katotohanan dito sa daigdig at hindi namiminsala. At ang mabuting patutunguhan sa '*Al-Jannah*' ay para lamang sa sinumang natakot sa parusa ng Allâh (ﷻ) at isinagawa ang mga pagsunod, at iniwasan ang mga ipinagbawal.

84. Sinuman ang darating sa Kabilang-Buhay na may dalisay na paniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at pagsagawa ng mga kabutihan ayon sa Batas ng Allâh (ﷻ), para sa kanya ang dakilang kabutihan doon at ito ay kabutihan sa '*Al-Jannah*' at walang hanggang kaligayahan, at sino naman ang dumating na dala-dala niya ang kanyang mga masamang gawain, samakatuwid, hindi papagbabayarin ang mga yaong gumawa ng mga kasamaan kundi ang kung ano lamang ang karapat-dapat na kabayaran sa kanilang ginawa.

85. Katiyakan, Siya na nagbaba sa iyo ng Dakilang Qur'ân at nag-utos sa iyo na ito ay iyong ipamahagi at sundin ay walang pag-aalinlangang Siya rin ang magbabalik sa iyo sa lugar na kung saan doon ka nagmula, na ito ay ang Makkah.

Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga '*Mushrikin*:' "*Ang Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Ganap na Nakaaalam sa kanya na nagdala ng patnubay*, *at sa kanya na malinaw na nasa kamalian.*"


الجزء العشرون سورة القصص

إِنَّ ٱلَّذِى فَرَضَ عَلَيْكَ ٱلْقُرْءَانَ لَرَآدُّكَ إِلَىٰ مَعَادٍ ۚ قُل رَّبِّىٓ
أَعْلَمُ مَن جَآءَ بِٱلْهُدَىٰ وَمَنْ هُوَ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٨٥﴾ وَمَا كُنتَ
تَرْجُوٓا۟ أَن يُلْقَىٰٓ إِلَيْكَ ٱلْكِتَٰبُ إِلَّا رَحْمَةً مِّن رَّبِّكَ ۖ
فَلَا تَكُونَنَّ ظَهِيرًا لِّلْكَٰفِرِينَ ﴿٨٦﴾ وَلَا يَصُدُّنَّكَ عَنْ ءَايَٰتِ
ٱللَّهِ بَعْدَ إِذْ أُنزِلَتْ إِلَيْكَ ۖ وَٱدْعُ إِلَىٰ رَبِّكَ ۖ وَلَا تَكُونَنَّ مِنَ
ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿٨٧﴾ وَلَا تَدْعُ مَعَ ٱللَّهِ إِلَٰهًا ءَاخَرَ ۘ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا
هُوَ ۚ كُلُّ شَىْءٍ هَالِكٌ إِلَّا وَجْهَهُۥ ۚ لَهُ ٱلْحُكْمُ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٨٨﴾

سُورَةُ العَنكَبُوتِ

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

الٓمٓ ﴿١﴾ أَحَسِبَ ٱلنَّاسُ أَن يُتْرَكُوٓا۟ أَن يَقُولُوٓا۟ ءَامَنَّا وَهُمْ لَا
يُفْتَنُونَ ﴿٢﴾ وَلَقَدْ فَتَنَّا ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۖ فَلَيَعْلَمَنَّ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ
صَدَقُوا۟ وَلَيَعْلَمَنَّ ٱلْكَٰذِبِينَ ﴿٣﴾ أَمْ حَسِبَ ٱلَّذِينَ يَعْمَلُونَ
ٱلسَّيِّـَٔاتِ أَن يَسْبِقُونَا ۚ سَآءَ مَا يَحْكُمُونَ ﴿٤﴾ مَن كَانَ يَرْجُوا۟
لِقَآءَ ٱللَّهِ فَإِنَّ أَجَلَ ٱللَّهِ لَءَاتٍ ۚ وَهُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٥﴾ وَمَن
جَٰهَدَ فَإِنَّمَا يُجَٰهِدُ لِنَفْسِهِۦٓ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَغَنِىٌّ عَنِ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٦﴾

86. At hindi mo inaasahan, O Muhammad (ﷺ), na ibababa sa iyo, ang Kabanal-banalan na Qur'ân, subali't bilang habag sa iyo ng Allâh (ﷻ) ay ipinahayag Niya ito sa iyo, na kung kaya, magpasalamat ka sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga biyaya sa iyo, at huwag gawin ang iyong sarili na maging katulong ng mga yaong nagtatambal ng iba sa pagsamba at mga ligaw.

87. At huwag mong pahintulutang mailihis ka ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa pagpaparating mo ng mga talata at mga palatandaan ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at ng Kanyang mga katibayan pagkatapos itong ipahayag sa iyo, at iparating mo ang mensahe ng iyong '*Rabb*' at huwag mong ibilang ang iyong sarili sa sumamba ng iba bukod sa Allâh.

88. At huwag kang sumamba sa Allâh (ﷻ) na may itinatambal na iba sa pagsamba sa Kanya; dahil walang sinuman ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa Allâh (ﷻ), lahat ng bagay ay mawawasak at maglalaho maliban sa Kanyang Mukha.

Siya ang magpapasiya, at sa Kanya kayo ay ibabalik pagkatapos ng inyong kamatayan para sa paghuhukom at pagbabayad. Dito sa talatang ito ang pagpapatunay na ang katangian na Mukha na tinataglay ng Allâh (ﷻ) ay ayon lamang sa Kanyang Kaganapan, Kadakilaan at Kamaharlikaan.

سورة العنكبوت 29

XXIX – Sûrat Al-`Ankabût

[**Kabanata Al-`Ankabût** – Ang Gagamba]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Alif-Lãm-Mĩm*. Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Iniisip ba ng mga tao na kapag sinabi nilang: "*Naniwala kami*," ay pababayaan na lamang sila ng Allâh (ﷻ) at hindi magkakaroon ng pagsubok sa kanila?

3. At katiyakan, sinubok Namin ang mga naunang tao kaysa kanila sa pamamagitan ng pagpapadala Namin ng mga Sugo, upang sa pamamagitan nito ay walang pag-aalinlangang palilitawin ng Allâh (ﷻ) kung sino ang tapat at totoo sa kanilang paniniwala, gayundin ang mga hindi totoo.

4. O iniisip ba ng mga yaong gumagawa ng mga kasalanan na katulad ng pagsamba ng iba bukod sa Allâh at iba pa, na mahihigitan nila Kami, na maililigtas nila ang kanilang mga sarili na hindi Namin sila magagapi? Napakasama sa katotohanan ang kanilang ginawang paghuhusga!

5. Ang sinumang naghahangad na makatagpo niya ang Allâh (ﷻ) at umaasam ng Kanyang gantimpala, samakatuwid, walang pag-aalinlangan na ang itinakda ng Allâh (ﷻ) na Pagkabuhay na Mag-uli ng Kanyang mga nilikha para sa pagbabayad at pagpaparusa ay malapit na malapit nang mangyari, at Siya ay '***As-Samee`***' – ang Ganap na Nakakarinig sa kanilang mga sinasabi, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa kanilang mga ginagawa.

6. At ang sinumang magpunyagi para sa daan ng pag-aangat ng Batas ng Allâh (ﷻ) at magpunyagi para mapasunod ang kanyang sarili, walang pag-aalinlangan, ang ganitong pagpupunyagi ay para rin lamang sa kanyang sarili; dahil ito ay ginagawa niya para sa paghahangad ng gantimpala sa kanyang gawain. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghanee***' – Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan na hindi nangangailangan sa anumang gawain ng kahit na sinuman mula sa Kanyang nilikha, Siya ang Nagmamay-ari, Tagapagkaloob, Tagapaglikha, Tagapag-atas at Tagapangasiwa ng lahat.



7. At ang mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at gumawa ng mga mababuting gawa, walang pag-aalinlangang buburahin Namin ang kanilang mga pagkakasala at gagantimpalaan Namin sila sa anumang kanilang nagawang kabutihan nang higit pa sa anuman na kanilang ginawa.

8. At ipinag-utos Namin sa tao na maging mabuti at maging masunurin sa kanyang mga magulang sa pananalita at gawa; at kapag pinilit ka nilang dalawa, O ikaw na tao, na sumamba ng iba bilang katambal sa pagsamba sa Akin, ay huwag mo silang sundin hinggil dito. At kalakip sa pagbabawal sa pagsunod sa kanila sa '*Shirk*' ay lahat ng uri ng kasalanan, nangangahulugan na hindi maaaring sundin ng sinuman ang sinuman sa anumang labag sa kautusan ng Allâh (ﷻ) na katulad ng sinabi ng Sugo ng Allâh (Muhammad ﷺ).

Sa Akin ang inyong pagbabalik lahat sa Araw ng Muling Pagkabuhay at isasaad Ko sa inyo ang anuman na inyong ginawa sa daigdig na mga mababuting gawa, gayundin ang masama at ayon dito kayo ay Aking tutumbasan.

9. At para sa mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ), sa Kanyang Sugo at gumawa ng mga mababuting gawa, walang pag-aalinlangan, papapasukin Namin sila sa '*Al-Jannah*' (Hardin), kabilang sa mababuti na mga alipin ng Allâh.

10. At mayroon sa tao na nagsasabi: "*Naniwala kami sa Allâh*," subali't kapag sila ay nakaranas ng paghihirap mula sa mga walang pananampalataya at nakaranas ng pagsubok ay isisisi nila ang pangyayaring ito na ituturing nilang kaparusahan ng Allâh (ﷻ) at hindi sila magtitiis, at tatalikuran nila ang tamang pananampalataya; at kapag dumating naman, O Muhammad (ﷺ), ang tulong na mula sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa mga mananampalataya ay sasabihin nila na mga tumalikod sa kanilang pananampalataya:

"*Katiyakan*, *kami ay kasama ninyo* (*na magkakasama tayong lahat*), *O kayong mga mananampalataya*, *na tinutulungan namin kayo laban sa inyong mga kalaban*."

Di ba ang Allâh (ﷻ) ang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam kung ano ang niloloob ng Kanyang mga nilikha?

11. At walang pag-aalinlangan, palilitawin ng Allâh (ﷻ) kung sinuman ang naniwala sa Kanya at sumunod sa Kanyang Sugo, at walang pag-aalinlangang palilitawin din Niya ang mga mapagkunwari; upang maihiwalay sa pamamagitan nito ang bawa't uri sa iba.

12. At sinabi ng mga yaong tumanggi sa Allâh na mga Quraysh, na hindi naniwala sa babala at pangako ng Allâh (ﷻ), sa mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) mula sa kanila: "*Iwan na ninyo ang* '*Deen*' *ni Muhammad at sumunod kayo sa aming* '*deen*,' *dahil aakuin namin sa inyo ang inyong mga kasalanan*," gayong sa katotohanan wala naman talaga silang naaako na kahit na anumang kasalanan, dahil sila ay mga sinungaling sa kanilang mga sinasabi.

13. At walang pag-aalinlangan, ipapapasan sa kanila na mga walang pananampalataya ang kanilang mga kasalanan at ang mga kasalanan ng mga iniligaw nila na hinarangan nila sa Daan ng Allâh, na kasamang ipapapasan ang mga ito sa kanilang mga kasalanan nang hindi mababawasan ang kasalanan ng sinumang sumunod sa kanila; at walang pag-aalinlangan, sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay tatanungin sila hinggil sa kinaugalian nilang kasinungalingan na kanilang inimbento.

14. At katiyakan, isinugo Namin si Nûh (عليه السلام) tungo sa kanyang sambayanan, na nanatili siya sa kanila ng limampung taon na lamang ay magiging isang libong taon na, na sila ay hinihikayat niya tungo sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), at pinagbawalan sila na gumawa ng pagtatambal sa pagsamba sa Allâh subali't hindi sila sumunod, na kung kaya, pinuksa Namin sila sa pamamagitan ng delubyo (o malaking baha), dahil sa inapi nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagtanggi nila sa Allâh (ﷻ) at kanilang pagmamalabis sa pamamagitan ng pagsagawa ng kasalanan.



15. At iniligtas Namin si Nûh (عليه السلام) kasama ang sumunod sa kanya na sumakay sa Arka, at ginawa Namin ito bilang aral at pagbibigay-babala sa sangkatauhan.

16. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), si Ibrâhim (عليه السلام) noong hinikayat niya ang kanyang sambayanan, na maging taos-puso sa pagsamba sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), na kanyang sinabi: "*Sambahin ninyo nang bukod-tangi ang Allâh* (ﷻ), *at katakutan ninyo ang Kanyang galit sa pamamagitan ng pagsagawa ninyo sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal*, *at ito ang higit na nakabubuti para sa inyo*, *kung batid lamang ninyo kung ano ang nakabubuti sa inyo at kung ano ang nakasasama.*"

17. Ang sinasamba ninyo bukod sa Allâh ay mga idolo lamang na inyong inimbento bilang kasinungalingan, dahil sa ang inyong sinasamba na mga rebulto bukod sa Allâh ay walang kakayahan na magbigay sa inyo ng anumang kabuhayan, na kung kaya, humingi kayo ng kabuhayan sa Allâh (ﷻ) at hindi sa mga idolo na inyong sinasamba, at maging taos-puso kayo sa inyong pagsamba sa pamamagitan ng pasasalamat sa kabuhayang ipinagkaloob sa inyo, dahil sa Allâh (ﷻ) lamang kayo ibabalik pagkatapos ng inyong kamatayan at kayo ay tutumbasan ayon sa inyong mga ginawa.

18. At kapag tinanggihan ninyo, O kayong mga tao, ang Aming Sugo na si Muhammad (ﷺ), sa kanyang paanyaya sa inyo na pagsamba lamang nang bukod-tangi sa Allâh (ﷻ), ay walang pag-aalinlangang tinanggihan din ng maraming grupo mula sa mga sambayanan na nauna kaysa inyo ang mga Sugo na naghikayat sa kanila tungo sa katotohanan, na kung kaya, natupad sa kanila ang parusa ng Allâh (ﷻ). At ang tungkulin lamang ng Sugo na si Muhammad (ﷺ) ay iparating sa inyo ang mensahe na nagmula sa Allâh (ﷻ) nang malinaw na pagpaparating at katiyakang ito ay kanyang isinakatuparan.

19. Hindi ba nila batid kung paano nilikha ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang mga nilikha mula sa wala, at pagkatapos ay ibabalik Niya na mag-uli pagkatapos nitong maglaho (o mawala), na katulad ng pagkalikha Niya sa una ay gayundin Niya bubuuin o lilikhaing muli ang mga ito at hindi ito magiging mahirap para sa Kanya? Katiyakan, ito ay napakadali sa Allâh (ﷻ) na katulad din ng kung gaano kadali ang paglikha Niya nito sa una.

20. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), na di naniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli: "*Maglakbay kayo sa kalupaan at pagmasdan kung paano sinimulan ng Allâh* (ﷻ) *ang mga paglikha at hindi naging mahirap sa Kanya ang paglikha ng mga ito sa una*, *na kung kaya*, *gayundin*, *hindi rin magiging mahirap sa Kanya na ibalik ito sa panibagong pagkakataon*, *katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Qadeer'*** *– Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay*, *na hindi mahirap sa Kanya ang anuman na Kanyang nais*, *na Siya ang May Kakayahan na gawin ang lahat ng bagay*."

21. Pinaparusahan Niya ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang nilikha batay sa kung ano ang kasalanan nito na nagawa noong ito ay buhay pa, at kinaaawaan niya ang sinuman na Kanyang nais mula sa sinumang nagsisi, naniwala at gumawa ng kabutihan; at sa Kanya kayo ay babalik at tutumbasan kayo batay sa inyong nagawa.

22. At kailanman ay hindi kayo makaliligtas, O kayong mga tao, sa Allâh (ﷻ) dito sa kalupaan ni sa kalangitan man, kung Siya ay inyong nilabag. At bukod sa Allâh (ﷻ) ay wala kayong matatagpuang sinumang tagapangasiwa para sa inyo at walang sinumang makatutulong sa inyo kung nais ng Allâh (ﷻ) na kayo ay parusahan.

23. At ang mga yaong tinanggihan ang mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) at hindi naniwala sa pakikipagharap sa Kanya sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ay wala na silang pag-asa pa sa Aking Awa sa Kabilang-Buhay kapag nakita na nila ang anumang inihanda sa kanila na parusa: at para sa kanila ay isang masidhing kaparusahan.



24. At walang anumang naitugon ang sambayanan ni Ibrâhim (عليه السلام) sa kanya kundi sabihin ng isa't isa sa kanila: "*Patayin ninyo siya o di kaya ay sunugin sa pamamagitan ng pagtapon sa kanya roon* (*sa apoy na yaon*)," subali't iniligtas siya ng Allâh (سبحانه وتعالى) mula sa kapahamakang ito, na ginawa itong malamig at mapayapa para sa kanya. Katiyakan, ang pagkaligtas kay Ibrâhim (عليه السلام) mula sa apoy ay kabilang sa patunay at katibayan sa mga tao na naniniwala at sumusunod.

25. At sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام) sa kanyang sambayanan: "*O aking sambayanan*, *ang sinamba ninyo bukod sa Allâh ay walang iba kundi pawang kasinungalingan na mga diyus-diyusan lamang*, *na nagmamahalan kayo dahil doon ng pagmamahalan na hanggang dito lamang sa daigdig dahil sa pagsisilbi ninyo sa mga diyus-diyusan na yaon*, *pagkatapos sa Kabilang-Buhay ay itatanggi na ninyo at isusumpa na ninyo ang isa't isa*, *at ang inyong patutunguhan lahat ay Impiyernong-Apoy at wala na kayong sinumang makatutulong upang iligtas kayo mula rito*."

26. At naniwala si Lût (عليه السلام) kay Ibrâhim (عليه السلام) at sumunod siya sa kanyang '*Deen*.' At sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام): "*Katiyakan*, *iniwan ko ang bayan ng aking sambayanan nang alang-alang sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *tungo sa biniyayaang bayan*, *na ito ay* '*Sham*' *– na ito ay ang kabuuan ng Falisteen*, *Syria*, *Lebanon at Jordan. Katiyakan*, *ang Allâh* (سبحانه وتعالى), *Siya ay* '***Al-`Azeez***' *– ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi*, *na* '***Al-Hakeem***' *– ang Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa.*"

27. At ipinagkaloob Namin sa kanya si Ishâq (عليه السلام) bilang kanyang anak at pagkatapos niya ay si Ya`qûb (عليه السلام) bilang kanyang inapo, at ginawa Namin sa kanilang pamilya ang pagka-Propeta at pagkakaloob ng Kasulatan, at ipinagkaloob Namin sa kanya (Ibrâhim عليه السلام) ang kanyang gantimpala rito sa daigdig dahil sa pagsubok sa kanya

nang alang-alang sa Amin, na siya ay dadakilain at magkakaroon ng mabuting anak; at katiyakang sa Kabilang-Buhay naman ay walang pag-aalinlangang kabilang siya sa mga matatapat.

28-29. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), si Lût (عليه السلام) noong sinabi niya sa kanyang sambayanan: "*Katiyakan*, *kayo ay gumagawa ng karumal-dumal na gawain*, *na walang sinuman ang gumawa ng katulad nito na nauna sa inyo na sangkatauhan*, *dahil ginagawa ninyo ang inyong pagnanasa sa kapwa ninyo kalalakihan*, *at tinatambangan ninyo ang mga manlalakbay sa kanilang mga dinaraanan na ninanakawan ninyo sila at isinasagawa ninyo sa kanila ang mga ganitong karumal-dumal*, *at isinasagawa rin ninyo ito sa lugar na kung saan kayo ay nagtitipun-tipon bilang pang-iinsulto sa mga tao at sa mga dumaraan*, *at pang-aapi sa kanila ng mga hindi karapat-dapat na mga salita at mga gawa*."

Sa talatang ito ay bilang pagpapabatid na hindi maaaring magsama-sama ang mga tao sa masamang gawain na ipinagbabawal ng Allâh (سبحانه وتعالى) at ng Kanyang Sugo. At walang itinugon ang sambayanan ni Lût kundi sabihin nila sa kanya: "*Dalhin mo sa amin ang parusa ng Allâh na iyong ibinababala kung ikaw ay kabilang sa mga nagsasabi ng katotohanan sa iyong sarili at mga tagapagpatunay sa iyong ipinapangako*."

30. Kanyang sinabi: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Tulungan Mo ako laban sa mga masasama sa pamamagitan ng pagbaba ng parusa sa kanila*; *dahil sa katotohanan*, *nag-imbento sila ng karumal-dumal na gawain na ipinagpipilitan nila sa kanilang sarili*," at tinugunan ng Allâh (سبحانه وتعالى) ang kanyang panalangin.



31. At nang dumating ang Aming mga Sugo na mga anghel kay Ibrâhim (عليه السلام) na dala-dala ang magandang balita mula sa Allâh (تعالى) na siya ay magkakaroon ng anak na si Ishâq (عليه السلام) at magmumula naman kay Ishâq (عليه السلام) ay ang kanyang anak na si Ya`qûb (عليه السلام), sinabi ng mga anghel kay Ibrâhim (عليه السلام): "*Katiyakan*, *pupuksain namin ang mga nanirahan sa bayan ni Lût*, *na ito ay Sodom*; *katotohanan*, *ang mga nanirahan doon ay mga masasama na inapi nila ang kanilang mga sarili dahil sa kanilang paglabag sa Allâh* (تعالى)."

32. Sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام) sa mga anghel: "*Katiyakan*, *nandoroon si Lût na hindi kabilang sa mga masasama*," sinabi naman ng mga anghel sa kanya: "*Kami ang higit na nakababatid kung sino ang mga nandoroon*, *walang pag-aalinlangan*, *ililigtas Namin siya at ang kanyang pamilya mula sa kapahamakan na mangyayari sa mga naninirahan sa kanyang bayan maliban sa kanyang asawa dahil kabilang siya sa mga mawawasak.*"

33. At nang dumating ang Aming mga Sugo na mga anghel kay Lût (عليه السلام) ay nangamba siya para sa kanila dahil iniisip niya na sila ay kanyang mga panauhin na mga tao, at siya ay nalungkot dahil sa pagdating nila; dahil alam niya ang karumal-dumal na gawain ng kanyang sambayanan, sinabi nila sa kanya: "*Huwag kang matakot hinggil sa amin dahil hindi kami makakanti* (*o mapipinsala*) *ng iyong sambayanan*, *at huwag kang malungkot sa anumang ibinalita namin sa iyo na pagwawasak sa kanila*, *dahil katiyakang ililigtas ka namin mula sa parusa na mangyayari sa iyong sambayanan at ililigtas din namin ang iyong pamilya na kasama mo maliban sa iyong asawa dahil siya ay kabilang mula sa mga mawawasak na wawasakin sa iyong sambayanan*."

34. Katiyakan, Kami ay magbababa sa mga tao ng bayang ito ng masidhing kaparusahan mula sa kalangitan; dahil sa kanilang pagsuway at pagsagawa ng kahalayan.

35. Katiyakan, nag-iwan Kami mula sa sambayanan ni Lût ng mga malilinaw na bakas bilang pagpupulutan ng aral ng mga taong umiintindi at ito ay kanilang mapakikinabangan.

36. At ipinadala Namin tungo sa Madyan ang kanilang kapatid na si Shu`ayb (عليه السلام), at kanyang sinabi sa kanila: "*O aking sambayanan! Sambahin ninyo ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi at maging dalisay na taos-puso kayo sa inyong pagsamba sa Kanya*, *dahil wala kayong dapat na sambahin bukod sa Kanya*, *at hangarin ninyo sa inyong pagsamba ang gantimpala sa Kabilang-Buhay*, *at huwag kayong magkalat ng kapinsalaan at kasamaan sa ibabaw ng kalupaan*, *at huwag kayong gumawa ng anumang kasalanan sa ibabaw nito*, *sa halip ay magbalik-loob sa Allâh* (ﷻ) *at humingi kayo ng kapatawaran sa Kanya.*"

37. At tinanggihan ng mga nanirahan sa Madyan si Shu`ayb sa kanyang dala-dalang mensahe mula sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, pinuksa sila sa pamamagitan ng matinding lindol, kaya sila ay mga nakahandusay na mga patay sa kanilang mga tahanan.

38. At winasak Namin ang sambayanan ni `Âd at ni Thamoud, at katiyakang nakita ninyo nang maliwanag ang pagkawasak ng kanilang mga tirahan at pagkawala nila mula rito nang dumating ang Aming parusa sa kanilang lahat, dahil sa hinikayat sila ni '*Shaytân*' sa kanilang karumal-dumal na gawain at hinarangan sila sa Daan ng Allâh (ﷻ) na ito ang Daan ng Paniniwala sa Kanya at sa Kanyang mga Sugo, samantalang sila ay matatalino na naiintindihan nila ang mensahe na kanilang nilabag, at sila ay naligaw na iniisip nilang sila ay nasa gabay at katotohanan gayong walang pag-aalinlangang sila ay nasa pagkalayu-layong pagkaligaw.



39. At winasak Namin si Qâroun, si Fir`âwn at si Hâmân. At katiyakang dumating sa kanilang lahat si Mousã (عليه السلام) na dala-dala niya ang mga malilinaw na katibayan samantalang sila ay nagmayabang at nagmataas sa ibabaw ng kalupaan, at kailanman ay hindi nila Kami mahihigitan sa halip Kami ang Ganap na Makapangyarihan laban sa kanila.

40. Na kung kaya, pinuksa Namin ang bawa't isa sa kanila na nabanggit sa pamamagitan ng Aming parusa dahil sa kasalanan na ginawa ng bawa't isa sa kanila; mayroon sa kanila na pinaulanan Namin ng bato mula sa pinatuyong luwad, na sila ay yaong sambayanan ni Lût, at mayroon naman sa kanila ang pinuksa Namin sa pamamagitan ng malakas na ingay na sila ay yaong sambayanan ni Sâleh at sambayanan ni Shu`ayb, at mayroon naman sa kanila ang ipinalamon Namin sa kalupaan na katulad ni Qâroun, at mayroon naman sa kanila na nilunod Namin na katulad ng sambayanan ni Nûh at sambayanan ni Fir`âwn. At kailanman ay hindi sila pinuksa dahil sa kasalanan ng iba upang sila ay dayain na wawasakin sila nang hindi karapat-dapat para sa kanila, kundi inapi nila ang kanilang mga sarili at dinaya dahil sa kanilang pagpapakasaya sa biyaya ng Allâh (سبحانه وتعالى) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha subali't iba naman ang sinamba nila (at pinagpasalamatan).

41. Ang kahalintulad ng mga yaong itinuring nila na mga diyos na sinamba bukod sa Allâh na sinasandalan na pinagkakatiwalaan na naghahangad sila ng tulong mula rito, ay katulad lamang ng isang gagamba na gumawa ng kanyang tahanan upang mapangalagaan niya ang kanyang sarili, subali't hindi niya ito napakinabangan noong siya ay nangailangan, na kung kaya, katulad nito ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh na walang naidudulot na kapakinabangan ang kanilang mga niyuyukuran, sinasandalan, sinasamba bukod sa Allâh; at katiyakan, ang pinakamahina sa mga bahay ay ang bahay ng gagamba, kung ito lamang ay batid nila, hindi nila pipiliin ang mga ito na sasandalan na pakasasambahin dahil sa ang mga ito ay hindi man lamang

makapagdudulot ng kahit na anumang kapakinabangan, ni makapagsasanhi ng anumang kapinsalaan.

42. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay batid Niya ang inyong sinasamba na mga diyus-diyusan, na sa katotohanan ito ay walang kabuluhan, bagkus ito ay mga pangalan lamang na ipinangalan ninyo sa mga ito na walang anumang kapakinabangan at wala ring magagawang kapinsalaan. At ang Allâh (ﷻ) ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang paghihiganti sa sinumang hindi naniwala, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa at paglikha.

43. At ito ang mga parabola na Aming ibinibigay bilang halimbawa sa sangkatauhan; nang sa gayon ay mapakinabangan nila at matutunan, subali't walang sinuman ang makaiintindi nito maliban sa kanila na nakakikilala sa Allâh (ﷻ), sa Kanyang mga talata at batas.

44. Nilikha ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan at kalupaan nang makatotohanan at makatarungan. At katiyakan, sa Kanyang paglikha ay walang pag-aalinlangang tinataglay nito ang katibayan at palatandaan sa sinumang pinaniniwalaan ang mga katibayan kapag ito ay iniharap sa kanya, at mga talata kapag ito ay kanyang nakita.

45. Bigkasin mo, O Muhammad (ﷺ), ang anumang ipinahayag sa iyo na Dakilang Qur'ân, at isagawa mo at ipatupad mo ang '*Salâh*' sa ganap na kaparaanan at kaayusan nito. Katiyakan, ang pangangalaga sa '*Salâh*' sa pamamagitan ng pagsagawa nito nang ganap ay pumipigil sa pagsagawa ng mga kasalanan at ipinagbabawal; dahil ang gumagawa nito na binubuo ang mga haligi at mga kondisyon nito ay naliliwanagan ang kanyang puso at nadaragdagan ang kanyang pananampalataya, at lumalakas ang pagkahilig na gumawa ng kabutihan at nababawasan ang kanyang kagustuhan na gumawa ng kasamaan, at walang pag-aalinlangang ang pagpuri sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsasagawa ng '*Salâh*' at iba pa ay higit na mas dakila at mas nakabubuti kaysa sa anupaman. At ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Nakababatid sa inyong ginagawa mabuti man ito o masama, ginagantimpalaan Niya kayo ng ganap na gantimpala at pagtutumbas.



46. At huwag kayong makipagtalo, O kayong mga naniwala, sa mga Hudyo at mga Kristiyano maliban na lamang sa pinakamagandang kaparaanan at mabuting pananalita, at ang pag-anyaya tungo sa katotohanan ay sa pinakamadaling pamamaraan upang ito ay kaagad na makarating sa kanila at maunawaan; maliban sa mga masasama na naghahamon sa katotohanan na mga nagmatigas, nagmataas at naghayag ng pakikipaglaban sa inyo, na kung kaya, makipagdigma kayo sa kanila hanggang sa sila ay maniwala, o di kaya ay makapagbigay ng '*Jizyah*' na ibibigay nila ito sa inyo bilang kanilang pagpapasailalim, at sabihin ninyo: "*Naniwala kami sa Qur'ân*, *na ito ay ipinahayag sa amin*, *at naniwala kami sa* '*Tawrah*' *at sa* '*Injeel*' *na ito ay mga ipinahayag sa inyo*, *ang aming* '*Ilâh*' (*Diyos na sinasamba*) *at ang inyong* '*Ilâh*' *ay ang Allâh* (ﷻ), *ang Nag-iisa na Bukod-Tanging walang katambal sa pagsamba sa Kanya*, *gayundin sa Kanyang pagiging* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *Tagapangasiwa*, *Tagapagtustos at Tagapangalaga*, *gayundin sa Kanyang mga Pangalan at Katangian*, *na kami ay ganap na sumusuko at nagpapasailalim sa Kanyang kagustuhan sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya sa anumang Kanyang ipinag-uutos sa amin at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal bilang mga Muslim*."

47. At kung paano Kami nagpahayag ng mga Aklat sa mga nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na mga Sugo, ay ganoon din Kami nagpahayag ng Aklat sa iyo, na pinatutunayan nito ang mga naunang Aklat, na kung kaya, ang mga pinagkalooban Namin ng Aklat mula sa angkan ni Isrâîl ay batid nila ito ng tunay na pagkakabatid, na kung kaya, pinaniwalaan nila (na mga matapat at dalisay ang puso mula sa kanila) ang Dakilang Qur'ân, na katulad din ng mga Arabo mula sa Quraysh at iba pa na naniwala rito, at walang sinuman ang tatanggi sa Dakilang Qur'ân o magdududa sa mga katibayan at malilinaw na palatandaan nito maliban sa mga walang pananampalataya na ang kanilang likas na pag-uugali ay pagtanggi at pagmamatigas.

48. At kabilang sa malilinaw na iyong himala, O Muhammad (ﷺ), ay hindi ka kailanman nakabasa ng anumang aklat at hindi nakasulat ng anumang titik sa pamamagitan ng iyong kanang kamay bago ipinahayag sa iyo ang Dakilang Qur'ân, na sila ay batid nila ito. At kung ikaw ay nakababasa o di kaya ay nakasusulat bago ito ipinahayag sa iyo, ay magdududa sa iyo ang mga masasama at kanilang sasabihin: "*Napag-aralan niya ito mula sa mga naunang aklat o di kaya ay kinopya niya mula roon*."

49. Bagkus ang Dakilang Qur'ân ay malilinaw na mga talata sa pagpapatunay nito sa katotohanan na naisaulo ng mga paham na pinagkalooban ng kaalaman, at walang sinuman ang makapagpapasinungaling ng mga talatang ito at tatanggihan maliban sa mga masasama na mga nagmamatigas na hindi sumusunod sa katotohanan na lumalayo mula rito.

50. At sinabi ng mga '*Mushrikûn*:' "*Bakit hindi nagpababa para kay Muhammad ng mga palatandaan*, *mga katibayan mula sa kanyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na makikita mismo natin na tulad ng kamelyo ni Sâleh at tungkod ni Mousã!*" Sabihin mo sa kanila: "*Ang anumang patungkol sa mga talatang ito ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh* (ﷻ), *nasa Kanya ang pagpapasiya na kung ang nais Niya ba ay magpababa at kung ang nais Niya ay hindi ito gawin*, *samantalang ako ay tagapagbabala lamang sa inyo na binabalaan ko kayo sa tindi ng Kanyang galit at parusa*, *na nililinaw ko sa inyo ang Daan ng Katotohanan mula sa kamalian*."

51. Hindi pa ba sapat sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh na malaman nila ang pagiging totoo mo, O Muhammad (ﷺ), na Kami ay nagpahayag sa iyo, ng Dakilang Qur'ân na binibigkas sa kanila? Katiyakan, ang Kabanal-banalan na Qur'ân na ito ay habag sa mga mananampalataya rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at mga paalaala na naaalaala nila sa pamamagitan nito ang anumang aral at pagpapayo.

52. Sabihin mo: "*Sapat na ang Allâh* (ﷻ) *bilang testigo sa pagitan ko at sa inyo na ako ay walang pag-aalinlangan na Kanyang isinugo*, *at sa inyong pagpapasinungaling sa akin at sa inyong pagtanggi sa katotohanan na aking dala-dala mula sa Allâh* (ﷻ)." At batid ng Allâh (ﷻ) ang mga nasa kalangitan at kalupaan, na walang anuman ang nalilihim sa Kanya. At ang mga yaong naniwala sa kamalian at tumanggi sa Allâh (ﷻ) – kahit ganap at malinaw nang naitatag ang mga katibayang ito – sila ang mga talunan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.



53. Minamadali ka, O Muhammad (ﷺ), ng mga '*Mushrikûn*' mula sa iyong sambayanan na kaagad na iparating ang parusa sa kanila bilang pang-iinsulto, kung hindi lamang naitakda na ng Allâh (ﷻ) ang ganap na oras ng pagdating ng parusa sa kanila rito sa daigdig, na ito ay hindi mapapaaga o maaantala ay tiyak na darating sa kanila mismo sa oras na ito ang kanilang hinihiling, at walang pag-aalinlangang ito ay darating sa kanila nang biglaan habang ito ay hindi nila namamalayan

54. Minamadali ka nila sa parusa rito sa daigdig samantalang ito ay darating sa kanila na walang pag-aalinlangan, at katiyakang ang parusa sa kanila na mga hindi naniwala sa Impiyernong-Apoy sa Kabilang-Buhay ay nakapalibot sa kanila at wala na silang matatakasan pa.

55. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay mahihilo ang mga walang pananampalataya sa igagawad na parusa sa kanila sa Impiyerno na ito ay nasa ibabaw na kanilang mga ulunan at nasa ilalim ng kanilang mga paanan, at tatakluban sila ng apoy na nagmumula sa lahat ng dako, at sasabihin ng Allâh (ﷻ) sa kanila sa oras na yaon: "*Lasapin ninyo ang kabayaran sa anuman na kinaugalian ninyo na gawin sa daigdig na pagtatambal at pagsamba ng iba at pagsagawa ng mga krimen at mga kasalanan*."

56. O Aking mga alipin na naniwala! Kung kayo ay nahihirapan na ilantad ang inyong pananampalataya at bukod-tanging pagsamba lamang sa Akin ay mangibang-bayan kayo tungo sa Aking malawak na kalupaan at sambahin ninyo Ako nang bukod-tangi.

57. Lahat ng may buhay ay makatitikim ng kamatayan pagkatapos ay sa Amin kayo ay magbabalik para sa paghuhukom at pagbabayad.

58. At ang mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ), sa Kanyang Sugo at gumawa ng mga ipinag-uutos sa kanila na mga mababuting gawa ay walang pag-aalinlangang

patutuluyin Namin sila sa '*Al-Jannah*' (Hardin) sa mga matataas na mga tahanan na sa ilalim nito ay umaagos ang mga ilog na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, napakaganda at napakadakila ang mga gantimpala sa mga nagpapatupad ng pagsunod sa Allâh (ﷻ) na ito ay tahanan sa mga Hardin ng Kaligayahan.

59. Katiyakan, ang mga Hardin na nabanggit ay para sa mga naniwala na nagtiis sa kanilang pagsamba sa Allâh (ﷻ) at pinanghawakan nila ang '*Deen*' na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila, at ipinaubaya nila ang kanilang mga sarili sa Allâh (ﷻ) hinggil sa kanilang mga kabuhayan at pakikipaglaban sa kanilang kalaban bilang ganap na pagtitiwala sa Allâh (ﷻ).

60. Napakarami ng mga nilikha na gumagapang sa kalupaan na hindi nito naiiimbak o naitatabi ang kakainin nito kinabukasan na katulad ng ginagawa ng anak ni Âdam, subali't pinagkakalooban ito ng Allâh (ﷻ) ng kabuhayan na katulad din ng pagkakaloob Niya sa inyo. At Siya ay '***As-Samee***`' – ang Ganap na Nakakarinig sa inyong mga sinasabi, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa inyong mga ginagawa at sa pagtibok ng inyong mga puso.

61. At kapag tinanong mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga walang pananampalataya: "*Sino ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan sa napakagandang kaayusan nito at inilagay Niya sa ilalim ng Kanyang pangangasiwa ang araw at buwan?*" Katiyakan, kanilang sasabihin: "*Nilikha ang mga ito ng Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi*." Kung gayon, paano sila naligaw na tumalikod sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) na Siyang lumikha ng lahat ng bagay at nangangasiwa nito, at sa halip ay sumamba sila ng iba bukod sa Kanya? Nakapagtataka ang kanilang inimbento at kasinungalingan.

62. Pinaluluwag ng Allâh (ﷻ) ang kabuhayan ng sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang nilikha at hinihigpitan Niya ang iba mula sa kanila, dahil Siya ang Ganap na Nakababatid sa anumang ikabubuti ng Kanyang mga alipin. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang `'***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa bawa't kalagayan nila, mga nangyari sa kanila at walang anumang naililihim sa Kanya.

63. At kapag tinanong mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga walang pananampalataya: "*Sino ang nagpababa mula sa ulap ng tubig-ulan na naging sanhi ng pagsibol ng mga pananim sa kalupaan pagkatapos nitong maging tuyot?*" Katiyakan, sasabihin nila sa iyo bilang pag-amin: "*Ang Allâh na Bukod-Tangi ang Siyang nagpababa nito*." Sabihin mo: "*Ang lahat ng papuri ay sa Allâh* (ﷻ) *lamang na Siyang naglantad ng Kanyang katibayan sa kanila*, *subali't ang karamihan sa kanila ay hindi nakaiintindi kung ano ang nakabubuti at nakasasama sa kanila*, *kung ito ay batid lamang nila ay hindi sila sasamba ng iba bilang pagtatambal sa pagsamba sa Allâh* (ﷻ)."


الجزء الحادي والعشرون سورة العنكبوت
وَمَا هَٰذِهِ الْحَيَاةُ الدُّنْيَا إِلَّا لَهْوٌ وَلَعِبٌ ۚ وَإِنَّ الدَّارَ الْآخِرَةَ
لَهِيَ الْحَيَوَانُ ۚ لَوْ كَانُوا يَعْلَمُونَ ﴿٦٤﴾ فَإِذَا رَكِبُوا فِي
الْفُلْكِ دَعَوُا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ فَلَمَّا نَجَّاهُمْ إِلَى الْبَرِّ إِذَا
هُمْ يُشْرِكُونَ ﴿٦٥﴾ لِيَكْفُرُوا بِمَا آتَيْنَاهُمْ وَلِيَتَمَتَّعُوا ۖ فَسَوْفَ
يَعْلَمُونَ ﴿٦٦﴾ أَوَلَمْ يَرَوْا أَنَّا جَعَلْنَا حَرَمًا آمِنًا وَيُتَخَطَّفُ
النَّاسُ مِنْ حَوْلِهِمْ ۚ أَفَبِالْبَاطِلِ يُؤْمِنُونَ وَبِنِعْمَةِ اللَّهِ يَكْفُرُونَ
﴿٦٧﴾ وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ افْتَرَىٰ عَلَى اللَّهِ كَذِبًا أَوْ كَذَّبَ بِالْحَقِّ
لَمَّا جَاءَهُ ۚ أَلَيْسَ فِي جَهَنَّمَ مَثْوًى لِلْكَافِرِينَ ﴿٦٨﴾ وَالَّذِينَ
جَاهَدُوا فِينَا لَنَهْدِيَنَّهُمْ سُبُلَنَا ۚ وَإِنَّ اللَّهَ لَمَعَ الْمُحْسِنِينَ ﴿٦٩﴾
سُورَةُ الرُّومِ
بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ
الٓمٓ ﴿١﴾ غُلِبَتِ الرُّومُ ﴿٢﴾ فِي أَدْنَى الْأَرْضِ وَهُم مِّن بَعْدِ
غَلَبِهِمْ سَيَغْلِبُونَ ﴿٣﴾ فِي بِضْعِ سِنِينَ ۗ لِلَّهِ الْأَمْرُ
مِن قَبْلُ وَمِن بَعْدُ ۚ وَيَوْمَئِذٍ يَفْرَحُ الْمُؤْمِنُونَ ﴿٤﴾
بِنَصْرِ اللَّهِ ۚ يَنصُرُ مَن يَشَاءُ ۖ وَهُوَ الْعَزِيزُ الرَّحِيمُ ﴿٥﴾

64. Ang buhay dito sa daigdig ay walang iba kundi libangan at paglalaro lamang, nililibang nito ang mga puso at nilalaro ang mga katawan; dahil sa nandirito ang mga palamuti at pagnanasa, pagkatapos ito ay mabilis na nawawala, samantalang ang buhay sa Kabilang-Buhay ang siyang tunay na buhay na walang katapusan na walang kamatayan, kung batid lamang ng mga tao ang mga bagay na ito ay hindi nila pipiliin ang buhay na may hangganan kaysa buhay na walang hanggan.

65-66. Kapag nakasakay ang mga walang pananampalataya sa sasakyang-pandagat, at natakot sa pagkalunod, ang kanilang paniniwala sa Allâh (ﷻ) ay nagiging bukod-tangi na para lamang sa Kanya at nagiging taos-puso ang kanilang panalangin habang sila ay nasa ganitong kagipitan, subali't kapag sila ay ligtas nang nakadaong sa kalupaan at nawala na sila sa kagipitan ay bumabalik sila sa pagsamba ng iba bukod sa Allâh, na kung kaya, sa pamamagitan nito ay sinalungat nila ang kanilang mga sarili, pinaniwalaan nila ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ) sa oras ng kagipitan at sumamba naman sila ng iba sa oras ng kaginhawahan. At ang kanilang pagsamba ng iba pagkatapos ng pagkakaloob Namin sa kanila ng kaligtasan mula sa karagatan na ito ang naging kapalit sa ipinagkaloob Naming mga biyaya sa kanilang mga sarili at kayamanan, at upang makamit nila ang kanilang kasiyahan dito sa daigdig, subali't katiyakang mababatid nila ang kasiraan ng kanilang ginawa at ang anumang inihanda ng Allâh (ﷻ) sa kanila sa Kabilang-Buhay na matinding parusa. Dito sa talatang ito ang paghamon at babala sa kanila.

67. Hindi ba nakita ng mga walang pananampalataya na mga taga-Makkah, na ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangang ginawa Niya ang Makkah para sa kanila na sagradong lugar na mapayapa, na ligtas ang mga naninirahan dito sa kanilang mga sarili at kayamanan, samantalang ang mga tao na naninirahan sa labas ng '*Haram*' (Makkah –Sagradong Lugar) ay hindi ligtas na pagsamantalahan ang kanilang buhay, kayamanan at iba pa? Kung gayon, tinatanggap ba nila ang kamalian na pagsamba ng

iba bukod sa Allâh, at binabalewala at tinatanggihan nila ang biyaya sa kanila ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi, at Siya ay hindi nila sinamba nang bukod-tangi na wala silang itinambal na iba sa Kanya?

68. At sino pa ba ang mas matindi sa kanyang kasamaan kaysa sa kanya na pinasinungalingan ang Allâh (ﷻ) at itinatangi niya sa Allâh (ﷻ) ang kanyang pagkaligaw at maling gawain, o di kaya ay tinanggihan niya ang katotohanan na ipinadala ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan nito ang Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ)? Hindi ba walang pag-aalinlangang Impiyernong-Apoy ang inihanda ng Allâh (ﷻ) bilang tahanan ng sinumang hindi naniwala sa Kanya at tumanggi sa Kanyang Kaisahan at pinasinungalingan ang Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ)?

69. Para sa mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) na nagpunyagi sa pakikipaglaban sa kumakalaban sa Allâh (ﷻ), at sa kanya mismong sarili at kay '*Shaytân*,' at sila ay nagtiis sa mga kahirapan at pagsubok alang-alang sa Allâh (ﷻ), walang pag-aalinlangang gagabayan sila ng Allâh (ﷻ) sa Daan ng Kabutihan, patatatagin sila sa Matuwid na Landas, at sinuman ang may ganitong katangian ay siya ang tunay na mabuti sa kanyang sarili at sa iba. At katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ay kasama ng sinumang mabuti mula sa Kanyang nilikha sa pamamagitan ng pagtataguyod, pagsusuporta, pangangalaga at gabay sa kanila.

سورة الروم 30

XXX – Sûrat Ar-Rûm

[**Kabanata Ar-Rûm** – Ang Mga Romano]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Alif-Lãm-Mĩm*. Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2-5. Natalo ng mga Persiano ang mga Romano sa pinakamababang kalupaan sa '*Sham*' na malapit sa Persia, subali't magkagayunpaman pagkatapos nito ay walang pag-aalinlangang matatalo naman ng mga Romano ang mga Persiano sa mga susunod na panahon, nang hindi lalampas sa sampung taon na hindi naman bababa sa tatlong taon. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng bagay bago pa man manalo ang Romano at maging pagkatapos nito, at sa araw na mananalo ang mga Romano laban sa mga Persiano ay magagalak ang mga mananampalataya sa pagpapanalo ng Allâh

(ﷻ) sa mga Romano laban sa mga Persiano. At ang Allâh (ﷻ) ay pinapapanalo Niya ang sinuman na Kanyang nais at sinasanhi Niya na maging talunan ang sinuman na Kanyang nais, at Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga nilikha. At katiyakan, natupad ang propesiyang ito dahil natalo ng mga Romano ang mga Persiano pagkalipas ng pitong taon, at nasiyahan ang mga Muslim sa pangyayaring ito; dahil ang mga Romano ay '*Ahlul Kitâb*' – Nagtatangan ng mga naunang Kasulatan, kahit na ito pa ay kanilang binago.


وَعْدَ اللَّهِ لَا يُخْلِفُ اللَّهُ وَعْدَهُ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ النَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ٦
يَعْلَمُونَ ظَاهِرًا مِّنَ الْحَيَاةِ الدُّنْيَا وَهُمْ عَنِ الْآخِرَةِ هُمْ غَافِلُونَ ٧
أَوَلَمْ يَتَفَكَّرُوا فِي أَنفُسِهِم مَّا خَلَقَ اللَّهُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ
وَمَا بَيْنَهُمَا إِلَّا بِالْحَقِّ وَأَجَلٍ مُّسَمًّى وَإِنَّ كَثِيرًا مِّنَ النَّاسِ
بِلِقَاءِ رَبِّهِمْ لَكَافِرُونَ ٨ أَوَلَمْ يَسِيرُوا فِي الْأَرْضِ فَيَنظُرُوا
كَيْفَ كَانَ عَاقِبَةُ الَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ كَانُوا أَشَدَّ مِنْهُمْ قُوَّةً
وَأَثَارُوا الْأَرْضَ وَعَمَرُوهَا أَكْثَرَ مِمَّا عَمَرُوهَا وَجَاءَتْهُمْ
رُسُلُهُم بِالْبَيِّنَاتِ فَمَا كَانَ اللَّهُ لِيَظْلِمَهُمْ وَلَٰكِن كَانُوا
أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ ٩ ثُمَّ كَانَ عَاقِبَةَ الَّذِينَ أَسَاءُوا السُّوأَىٰ
أَن كَذَّبُوا بِآيَاتِ اللَّهِ وَكَانُوا بِهَا يَسْتَهْزِئُونَ ١٠ اللَّهُ
يَبْدَأُ الْخَلْقَ ثُمَّ يُعِيدُهُ ثُمَّ إِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ١١ وَيَوْمَ تَقُومُ
السَّاعَةُ يُبْلِسُ الْمُجْرِمُونَ ١٢ وَلَمْ يَكُن لَّهُم مِّن شُرَكَائِهِمْ
شُفَعَاءُ وَكَانُوا بِشُرَكَائِهِمْ كَافِرِينَ ١٣ وَيَوْمَ
تَقُومُ السَّاعَةُ يَوْمَئِذٍ يَتَفَرَّقُونَ ١٤ فَأَمَّا الَّذِينَ آمَنُوا
وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ فَهُمْ فِي رَوْضَةٍ يُحْبَرُونَ ١٥

6-7. Pinangakuan ng Allâh (ﷻ) ang mga mananampalataya ng tiyak na pangako na kailanma'y hindi maaaring mabigo, sa pamamagitan pagpanalo ng mga Romano na mga Kristiyano laban sa mga Persiano na mga pagano, subali't ang karamihan sa mga walang pananampalataya na mga taga-Makkah ay hindi nila batid na ang anumang ipinangako ng Allâh (ﷻ) ay katotohanan, at ang batid lamang nila ay ang anuman na nakalantad na makamundong bagay at ang mga palamuti nito, at sila hinggil sa mga bagay na mangyayari sa Kabilang-Buhay at sa anumang mapakikinabangan nila roon ay wala sila ni anumang kabatiran, dahil hindi nila ito pinagtutuunan ng pansin.

8. Hindi ba iniisip ng mga tumanggi at nagpasinungaling sa mga Sugo ng Allâh at sa pagkikipagtagpo sa Kanya at sa pagkalikha ng Allâh (ﷻ) sa kanila, na walang pag-aalinlangang Siya ang lumikha sa kanila samantalang noon ay wala sila ni anuman, hindi nilikha ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan at kalupaan at ang anumang nasa pagitan nitong dalawa kundi upang itatag ang katarungan, gantimpala at parusa, mga katibayan sa Kanyang Kaisahan at Kakayahan na gawin ang lahat ng bagay, at pagtatakda ng panahon bilang may hangganan na ito ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay? Samantalang karamihan sa mga tao ay walang pag-aalinlangang tinatanggihan at di-pinaniniwalaan ang pakikipagtagpo sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha; dahil sa kanilang kamangmangan na hindi nila batid na ang kanilang patutunguhan pagkatapos nilang mawala ay sa Allâh (ﷻ) lamang at dahil sa pagkalinlang sa kanila hinggil sa Kabilang-Buhay.

9. Hindi ba naglakbay sa kalupaan ang mga di-naniniwala sa Allâh na nalinlang hinggil sa Kabilang-Buhay upang mapagmatyagan at mapagkunan ng aral kung paano pinarusahan ng Allâh (ﷻ) ang mga naunang tao na tinanggihan ang mga Sugo ng Allâh (ﷻ) na dumating sa kanila na tulad ng sambayanan ni 'Âd at saka ni Thamoud? At walang pag-aalinlangan, sila ay mas malalakas sa pangangatawan at

mas makapangyarihan sa kanilang kalagayan sa makamundong buhay dahil sa binungkal nila ang kalupaan at kanila itong tinamnan, at nagtayo sila ng mga palasyo at doon sila'y nanirahan, kaya naitatag nila ang kanilang makamundong buhay na higit pa sa nagawa ng mga taga-Makkah sa kanilang makamundong buhay, subali't walang naging pakinabang sa kanila ang pagtayo nila ng mga ganitong kabuhayan at haba ng kanilang pananatili, at dumating sa kanila ang mga Sugo na ipinadala sa kanila na kalakip ang mga malilinaw na palatandaan at mga katibayan subali't ang mga ito ay tinanggihan nila, na kung kaya, pinuksa sila ng Allâh (ﷻ). Katotohanan, hindi sila dinaya ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagpuksa sa kanila kundi sila mismo ang nandaya sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsamba nila ng iba bukod sa Allâh at paglabag nila.

10. Pagkatapos ang nagiging dulo o wakas ng buhay ng mga masasama na nagmalabis at di-naniwala ay napakasama at napakalagim; dahil sa kanilang ginawang pagtanggi sa Allâh (ﷻ) at kanilang panlalait sa mga talata ng Allâh (ﷻ) na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga Sugo.

11. Ang Allâh (ﷻ) ang Bukod-Tangi na Siya lamang ang Lumikha ng lahat ng mga nilalang, at Siya rin lamang ang Bukod-Tanging May Kakayahan na ibalik itong muli, pagkatapos sa Kanya magbabalik ang lahat ng nilikha, upang gantimpalaan ang mabuti dahil sa kanyang kabutihan at papagbayarin ang masama dahil sa kanyang kasamaan.

12. At sa Araw ng pagkagunaw ng daigdig ay mawawalan ng pag-asa ang mga masasama na mailigtas ang kanilang mga sarili mula sa kaparusahan, ilulublob sila sa pagkawasak na may pagdadalamhati at darating sa kanila ang pagkahilo at mawawalan sila ng anumang katibayan.

13. At hindi magkakaroon ng kahit na sinumang tagapamagitan ang mga sumamba ng iba bukod sa Allâh sa Araw na yaon, mula sa kanilang mga sinambang iba bukod sa Allâh, bagkus ay itatanggi sila ng mga ito at tatanggihan din nila ang mga ito, na kung kaya, ang pamamagitan ay pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) at hindi ito maaaring hingin sa iba.

14-15. At sa Araw ng pagkagunaw ng daigdig ay paghihiwalayin na ang mga mananampalataya at walang pananampalataya, dahil sa ang mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo na mga gumawa ng kabutihan ay patungo sa '*Al-Jannah*' (Hardin) na sila'y pararangalan doon at malalasap ang marangyang kasiyahan magpasawalang-hanggan.

16. Subali't ang mga yaong hindi naniwala sa Allâh (ﷻ) at tinanggihan ang anumang dala-dala ng mga Sugo at di-naniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli pagkatapos ng kamatayan ay mananatili sila sa kaparusahan bilang kabayaran ng kanilang pagtanggi rito sa daigdig.



17-18. Na kung kaya, O kayong mga naniwala! Luwalhatiin ninyo ang Allâh (ﷻ) at purihin, na huwag maglagay ng anumang uri ng pagtatambal sa pagsamba sa Kanya na tulad ng pagkakaroon ng asawa at anak, at itangi ninyo para sa Kanya ang karapat-dapat at ganap na mga katangian sa pamamagitan ng pagbibigkas ng inyong mga bibig at patunayan ninyo ito sa inyong mga katawan sa pamamagitan ng pagsasagawa nito, sa hapon at sa umaga, sa oras ng gabi at sa tanghali. At para sa Kanya ang papuri at luwalhati sa mga kalangitan at kalupaan, sa gabi at araw.

19. Inilalabas ng Allâh (ﷻ) ang isang buhay na bagay mula sa walang buhay na bagay na tulad ng tao na nagmula sa punla at ibon na nagmula sa itlog, at ganoon din, inilalabas din Niya ang walang buhay na bagay mula sa may buhay na bagay na tulad ng punla na nagmula sa tao at itlog na nagmula sa ibon. At binubuhay Niya ang kalupaan sa pamamagitan ng pagsibol ng mga pananim pagkatapos nitong maging tuyot, at ang katulad ng pagbibigay ng buhay na ito ay ganoon din Niya kayo ilalabas, O kayong mga tao, mula sa inyong mga libingan na mga buhay para sa paghuhukom at pagbabayad.

20. At kabilang sa mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) na nagpapatunay ng Kanyang kadakilaan at ganap na kakayahan ay nilikha Niya ang inyong ama na si Âdam mula sa alabok, pagkatapos kayo na mga tao ay nagkakaanak at dumarami sa ibabaw ng kalupaan na naghahangad ng kagandahang-loob ng Allâh (ﷻ).

21. At kabilang din sa palatandaan ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang kadakilaan at ganap na kakayahan ay ang paglikha Niya para sa inyo mula sa inyong sarili, O kayong mga kalalakihan ng inyong mga asawa; upang mapanatag ang inyong mga kalooban at magkaroon kayo ng pamamahingahan, at ginawa Niya sa pagitan ng babae at kanyang asawa ang pagmamahal at pagkaawa. Katiyakan, sa paglikha ng Allâh (ﷻ) nito ay mga palatandaan na nagpapatunay sa Kanyang kakayahan at Kanyang Kaisahan sa pagsamba, para sa mga tao na nag-iisip at nagsusuri.

22. At kabilang sa palatandaan ng Kanyang kakayahan bilang Tagapaglikha: paglikha ng mga kalangitan at pag-aangat nito na walang haligi at paglikha ng kalupaan kasama ang lawak at haba nito, at pag-iba-iba ng inyong mga wika at ng inyong mga kulay. Katiyakan, sa mga ganitong bagay ay walang pag-aalinlangang nakapagbibigay ng aral sa sinumang may kaalaman at pagkakaintindi.

23. At kabilang sa mga palatandaan ng kakayahan ng Allâh (ﷻ) ay ginawa Niya ang inyong pagtulog bilang kaparaanan ng inyong pamamahinga sa gabi man o di kaya ay sa araw; dahil sa pagtulog nangyayari ang pamamahinga at nawawala ang kapaguran, at ginawa Niya para sa inyo ang araw upang kayo ay kumalat para sa inyong paghahanap-buhay. Katiyakan, sa mga bagay na ito ay mga palatandaan sa ganap na kakayahan ng Allâh (ﷻ) at ganap na pagpapatupad ng Kanyang kagustuhan para sa mga tao na nakikinig sa mga pagpapayo upang intindihin, at nag-iisip upang makakuha ng mga aral.

24. At kabilang din sa mga katibayan ng kakayahan ng Allâh (ﷻ) ay ipinapakita niya sa inyo ang kidlat, na natatakot kayo sa kulog nito at umaasam naman kayo ng ulan, at ibinababa Niya mula sa ulap ang ulan na bumubuhay ng kalupaan pagkatapos nitong matuyot. Katiyakan, nandirito ang tanda sa Ganap na Kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang Dakilang Kaalaman at ang Kanyang pagiging mabuti sa sinumang may kaisipan na ginagabayan tungo rito.


وَمِنْ ءَايَٰتِهِۦٓ أَن تَقُومَ ٱلسَّمَآءُ وَٱلْأَرْضُ بِأَمْرِهِۦ ۚ ثُمَّ إِذَا دَعَاكُمْ
دَعْوَةً مِّنَ ٱلْأَرْضِ إِذَآ أَنتُمْ تَخْرُجُونَ ﴿٢٥﴾ وَلَهُۥ مَن فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ
وَٱلْأَرْضِ ۖ كُلٌّ لَّهُۥ قَٰنِتُونَ ﴿٢٦﴾ وَهُوَ ٱلَّذِى يَبْدَؤُا۟ ٱلْخَلْقَ
ثُمَّ يُعِيدُهُۥ وَهُوَ أَهْوَنُ عَلَيْهِ ۚ وَلَهُ ٱلْمَثَلُ ٱلْأَعْلَىٰ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ
وَٱلْأَرْضِ ۚ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٢٧﴾ ضَرَبَ لَكُم مَّثَلًا مِّنْ
أَنفُسِكُمْ ۖ هَل لَّكُم مِّن مَّا مَلَكَتْ أَيْمَٰنُكُم مِّن شُرَكَآءَ فِى
مَا رَزَقْنَٰكُمْ فَأَنتُمْ فِيهِ سَوَآءٌ تَخَافُونَهُمْ كَخِيفَتِكُمْ
أَنفُسَكُمْ ۚ كَذَٰلِكَ نُفَصِّلُ ٱلْءَايَٰتِ لِقَوْمٍ يَعْقِلُونَ ﴿٢٨﴾
بَلِ ٱتَّبَعَ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوٓا۟ أَهْوَآءَهُم بِغَيْرِ عِلْمٍ ۖ فَمَن يَهْدِى مَنْ
أَضَلَّ ٱللَّهُ ۖ وَمَا لَهُم مِّن نَّٰصِرِينَ ﴿٢٩﴾ فَأَقِمْ وَجْهَكَ لِلدِّينِ
حَنِيفًا ۚ فِطْرَتَ ٱللَّهِ ٱلَّتِى فَطَرَ ٱلنَّاسَ عَلَيْهَا ۚ لَا تَبْدِيلَ لِخَلْقِ
ٱللَّهِ ۚ ذَٰلِكَ ٱلدِّينُ ٱلْقَيِّمُ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ
لَا يَعْلَمُونَ ﴿٣٠﴾ مُنِيبِينَ إِلَيْهِ وَٱتَّقُوهُ وَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ
وَلَا تَكُونُوا۟ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿٣١﴾ مِنَ ٱلَّذِينَ فَرَّقُوا۟
دِينَهُمْ وَكَانُوا۟ شِيَعًا ۖ كُلُّ حِزْبٍۭ بِمَا لَدَيْهِمْ فَرِحُونَ ﴿٣٢﴾

25. At kabilang pa rin sa Kanyang mga palatandaan na nagpapatunay ng Kanyang kakayahan ay ang pagkakatatag ng kalangitan at kalupaan at pananatili ng mga ito sa kaganapan dahil sa Kanyang Pag-aatas, na hindi ito nawawala sa kinalalagyan nito at hindi bumabagsak ang kalangitan sa kalupaan, pagkatapos kapag kayo ay tinawag na ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pag-ihip ng Trumpeta tungo sa pagkabuhay na mag-uli sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay lalabas kayo mula sa inyong mga libingan nang mabilisan.

26. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan na mga anghel, mga tao, mga '*jinn*,' mga hayop, mga pananim at mga di-buhay na bagay. Lahat ng mga ito ay nagpapasailalim sa Kanyang Kautusan, sumusunod sa Kanya na nagtataglay ng ganap na katangian.

27. Ang Allâh (ﷻ) ang Bukod-Tangi na nagpanimula ng paglikha mula sa wala, pagkatapos ito ay ibabalik Niyang muli na buhay pagkatapos ng kamatayan, at ang pagsasabalik muli ng buhay sa nilikha pagkatapos ng kamatayan kung tutuusin ay mas madali sa Allâh (ﷻ) kaysa sa paglikha nito sa una, subali't sa paningin ng Allâh (ﷻ), sa Kanyang Kapangyarihan ay walang mahirap sa Kanya, pareho itong madali sa Kanya.

Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang Kataas-Taasan na katangian sa lahat ng mga itinatangi sa Kanya, at wala Siyang kahalintulad na anumang bagay, na Siya ang Ganap na Nakakarinig at Nakakakita. Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang mga sinasabi at ginagawa at sa pangangasiwa Niya sa Kanyang mga nilikha.

28. Nagbigay ang Allâh (ﷻ) ng halimbawa sa inyo, O kayong mga walang pananampalataya, mula sa inyong mga sarili: Maaari bang ang inyong mga alipin na mga kalalakihan at mga kababaihan ay magkaroon ng kahati sa inyo sa inyong kabuhayan, at nakikita ninyo na kayo at sila ay magkapantay sa bagay na ito, na kinatatakutan ninyo sila na tulad ng pagkatakot ninyo sa mga malalaya na inyong makakahati sa inyong kayamanan?

Walang pag-aalinlangan, hindi ninyo papayagan ang ganito, kung gayon, paano ninyo pinapayagan ang ganito sa Allâh (ﷻ) na iginagawa ninyo Siya ng katambal mula sa Kanyang nilikha? Sa katulad nitong paglilinaw ay nililinaw Namin sa inyo ang mga katibayan at palatandaan para sa mga taong matitino ang kaisipan na makikinabang para rito.

29. Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan kundi ang sinusunod ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay kanilang mga sariling kagustuhan sa pamamagitan ng paggaya nila sa kanilang mga ninuno nang wala silang kaalaman, kaya magkatulad sila sa pagiging mangmang at pagkaligaw, at walang sinuman ang may kakayahang gabayan ang sinuman na iniligaw ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanyang pagmamalabis sa pamamagitan ng pagtanggi at pagmamatigas, at wala na silang magiging katulong na magliligtas sa kanila mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

30. Na kung kaya, ituon mo, O Muhammad, ang iyong mukha, ikaw at ang sinumang susunod sa iyo at manatili ka sa '*Deen*' na siyang ipinag-utos na batas ng Allâh (ﷻ) sa iyo, na ito ay ang Islâm. Na ito ang '*Fitrah*' o likas na pagkakalikha ng Allâh (ﷻ) sa sangkatauhan, na kung kaya, ang pananatili ninyo at paghawak ninyo rito ay siyang tunay na pananatili sa likas na nilikha ng Allâh (ﷻ) na paniniwala na bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya.

Walang pagbabago sa nilikha ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang '*Deen*' (Relihiyon), na ito ay Matuwid na Landas na magdadala sa sinuman tungo sa pagmamahal ng Allâh (ﷻ) na '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang at sa Kanyang '*Al-Jannah*' (Hardin), subali't ang karamihan sa mga tao ay hindi nila batid na ang ipinag-utos na ito sa iyo, O Muhammad, ang siyang '*Deen*' ng Katotohanan na wala nang iba pa bukod dito.

31. At manumbalik kayo sa Allâh (ﷻ) na may pagsisisi at dalisay na layunin sa gawain, at matakot kayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa ipinag-uutos at pag-iwas sa ipinagbabawal, at isagawa ninyo ang '*Salâh*' na buo ang mga haligi, karapatan at kundisyon nito, at huwag kayong pabilang sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh.

32. At huwag kayong maging kabilang sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh at ang sinusunod lamang ay ang kanilang sariling kagustuhan at pag-iimbento ng kasinungalingan, na pinalitan nila ang '*Deen*' na ipinagkaloob sa kanila at binago nila, na sinusunod nila ang isang bahagi nito at ang isang kabahagi naman ay tinatanggihan; ibinabatay lamang nila sa kanilang kagustushan na dahil doon ay naging iba't ibang grupo sila at mga sekta; na sinusunod nila bilang pagmamahal sa kanilang mga pinuno, sa kanilang mga grupo at sa kanilang sariling pananaw, na nagtutulungan sila sa isa't isa sa kamalian; at bawa't sekta sa kanila ay nasisiyahan sa anuman na kanilang paniniwala, at kanilang iniisip na ang kanilang pinagpasiyahan sa kanilang mga sarili ay ito ang nasa katotohanan at ang iba ay nasa kamalian.



33. At kapag nangyari sa mga tao ang kagipitan at pagsubok ay nananalangin sila sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha nang taimtim na nagsusumamo na iligtas sila sa kapahamakan, at kapag kinaawaan naman sila ng Allâh (ﷻ) at iniligtas sila mula sa kapahamakan, pagmasdan, ang isang grupo sa kanila ay babalik na naman sa pagsamba ng iba bukod sa Allâh, na kung kaya, gagawa na naman sila ng pagtatambal sa pagsamba sa Allâh.

34. Upang balewalain ang anumang biyayang ipinagkaloob Namin sa kanila at ang kagandahang-loob na ginawa Namin para sa kanila na pagligtas mula sa kapahamakan at pag-alis sa kanila sa kagipitan, na kung kaya, magpakasaya na kayo, O kayo na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, sa inyong karangyaan at kaluwagan ng kabuhayan dito sa daigdig; at walang pag-aalinlangang mababatid ninyo ang anuman na para sa inyo na makakatagpong parusa.

35. O di kaya ay nagpahayag ba Kami sa kanila na mga walang pananampalataya ng malinaw na katibayan at tiyak na kasulatan, na nagsasabi sa kanila na tama ang kanilang pagtatambal at paglabag sa Allâh at sa Kanyang mga talata?

36. At kapag ipinalasap Namin sa mga tao ang biyaya ng kalusugan at karangyaan ng pamumuhay ay nasisiyahan sila ng kasiyahan na may pagmamataas at hindi kasiyahan ng pagpapasalamat, at kapag dinapuan naman sila ng sakit o dumating sa kanila ang kahirapan, pagkatakot, kagipitan dahil sa kanilang mga kasalanan at paglabag ay mawawalan sila ng pag-asa na di nila iniisip na di-maglalaon ito ay lilipas din sa kanila, at ito ang pangkaraniwang katangian ng karamihan sa mga tao kapag nangyari sa kanila ang kasaganaan at kagipitan.

37. Hindi ba nila batid na ang Allâh (ﷻ) sa katotohanan ay niluluwagan Niya sa kabuhayan ang sinuman na Kanyang nais bilang pagsubok, na kung siya ba ay

tatanaw ng utang na loob o babalewalain ang biyaya? At hinihigpitan Niya ang sinuman na Kanyang nais bilang pagsubok din, na kung ito ba ay kanyang titiisin o ito ay hindi niya titiisin? Katiyakan, sa kaluwagan ng buhay o kaya ay sa kahirapan nito ay mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) sa mga taong naniniwala sa Kanya, na batid nila ang karunungan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang habag.

38. Na kung kaya, ibigay mo, O ikaw na mananampalataya, ang karapatan ng iyong kamag-anak para sa pagpapanatili ng inyong ugnayang magkakamag-anak o sa kawanggawa at sa lahat ng uri ng kaparaanan ng kabutihan, at bigyan mo ang mahirap at ang sinumang nangangailangan o nalagay sa kagipitan dahil sa natigil o na-'*stranded*' siya sa isang lugar, mula sa '*Zakâh*' (o obligadong kawaggawa) at sa '*Sadaqah*' (pangkaraniwang kawanggawa), na ang ganitong pagkakaloob ay higit na nakabubuti sa mga yaong naghahangad na makita nila ang Mukha ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan nito, at ang mga yaong gumagawa ng ganitong gawain at iba pa na mga kabutihan ay sila ang magtatagumpay sa pagkakamit ng gantimpala ng Allâh (ﷻ) at ligtas sa Kanyang parusa.

39. At anuman ang inyong ibinigay bilang pautang na ang layunin ay '*Ribâ*' o pagpapatubo; upang kumita mula sa pagmamay-ari ng mga tao ay wala ritong nairagdag na anumang kabutihan sa paningin ng Allâh (ﷻ) sa halip ito ay wawasakin Niya na pawawalan ng saysay; subali't ang anumang ibinigay ninyo bilang '*Zakâh*' o di kaya ay '*Sadaqah*' sa mga karapat-dapat pagbigyan bilang paghahangad sa pagmamahal ng Allâh at ng Kanyang gantimpala, ay ito ang tunay na katanggap-tanggap sa Allâh (ﷻ) at dodoble-doblehin Niya ito sa inyo nang maraming-maraming beses.

40. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Bukod-Tanging lumikha sa inyo, O kayong mga tao, pagkatapos ay pinagkalooban kayo ng kabuhayan para sa inyo rito sa buhay na ito, pagkatapos ay sasanhiin Niya na mamatay kayo batay sa itinakdang oras na kamatayan para sa inyo, pagkatapos ay bubuhayin Niya kayong mag-uli mula sa inyong libingan para sa paghuhukom at pagbabayad, kung gayon, mayroon ba sa mga sinasamba ninyo bukod Allâh na gagawa ng kahit na alinman sa mga bagay na ito? Luwalhati sa Allâh (ﷻ), at Napakadakila na Siya ay ligtas at malaya sa anumang ginagawang pagtatambal ng mga sumasamba ng iba.

41. Lumaganap ang kapinsalaan sa kapatagan ng kalupaan at sa karagatan, na katulad ng tagtuyot, kakulangan ng ulan at pagdami ng mga sakit; dahil sa mga maling gawain na ginagawa ng mga tao; upang mangyari sa kanila ang ilang bahagi ng parusa sa kanilang masamang ginawa rito sa daigdig; nang sa gayon ay magsipagsisi sila sa Allâh (ﷻ) at tatalikuran ang mga pagkakasala, upang maitutuwid nila ang kanilang kalagayan at gaganda ang kanilang katayuan.



42. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga hindi naniwala sa dala-dala mong mensahe: "*Maglakbay kayo sa iba't ibang dako ng daigdig upang suriin at pag-aralan ang mga pangyayari*, *at pagmasdan ninyo kung ano ang kinahinatnan ng mga naunang tao na tumanggi sa katotohanan na tulad ng sambayanan ni Nûh*, *ni `Âd at ni Thamoud*; *at mamamalas ninyo ang kanilang masamang kinahinatnan at ang naging bunga ng kanilang ginawa! Walang pag-aalinlangan*, *ang pinakamarami sa kanila ay sumamba ng iba bukod sa Allâh*."

43. Ituon mo ang iyong mukha, O Muhammad, tungo sa Matuwid at Tunay na '*Deen*' (o Relihiyon) na ito ay ang Landas ng Islâm, bilang pagpapatupad sa pag-uutos ng Allâh (ﷻ) at pag-iwas sa Kanyang mga pinagbabawal, at ito ang panghawakan mo bago dumating mula sa Allâh (ﷻ) ang Araw ng Muling Pagkabuhay, at kapag dumating ang Araw na yaon ay wala nang sinuman ang makaiiwas o makapaglalayo ng kanyang sarili mula rito, na paghihiwa-hiwalayin na ang mga nilikha ng iba't ibang katayuan; upang makita nila ang naging bunga ng kanilang nagawa.

44. Ang sinumang hindi naniwala ay matitikman niya ang kaparusahan ng ginawa niyang pagtanggi na ito ay pagpapanatili sa Impiyernong-Apoy, at sino naman ang naniwala at gumawa ng kabutihan, samakatuwid, inihanda para sa mga katulad nila bilang kanilang mga tahanan ay magagandang palasyo sa '*Al-Jannah*' (Hardin); dahil sa kanilang pagsunod sa kautusan ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

45. Nang sa gayon ay gantimpalaan ng Allâh (ﷻ) ang mga naniwala sa Kanya at sa Kanyang Sugo at gumawa ng kabutihan mula sa Kanyang biyaya at kagandahang-loob. Walang pag-aalinlangan, hindi Niya minamahal ang mga walang pananampalataya dahil sa Kanyang galit at poot sa kanila.

46. At kabilang sa palatandaan ng Allâh (ﷻ) na nagpapatunay ng Kanyang Kaisahan at Kadakilaan ng Kanyang Kapangyarihan ay ang pagpapadala ng mga hangin na nagtutulak sa ulan na nagdadala ng mga magagandang balita sa pagpapakalat ng mga ulap, at natutuwa sa pamamagitan nito ang mga tao; upang matikman nila ang habag ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagpapababa ng ulan na nagsasanhi na mabuhay ang mga bayan at mga tao, at sa pamamagitan din ng ulan na ito ay naglalayag ang mga sasakyang-pandagat sa karagatan sa kautusan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang kagustuhan, at upang asamin ang Biyaya ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pangangalakal at iba pa; upang sila ay tumanaw ng utang na loob sa Kanyang mga biyaya at sambahin lamang Siya nang bukod-tangi at pakasusundin.

47. At katiyakan, nagpadala Kami ng mga Sugo na nauna sa iyo, O Muhammad, tungo sa kani-kanilang sambayanan na dala-dala nila ang mga magagandang balita at babala na hinihikayat sila tungo sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at binabalaan sila mula sa pagsamba ng iba, na kung kaya, dala-dala nila sa kanila ang mga himala at mga malilinaw na katibayan, subali't hindi naniwala ang karamihan sa kanila, na kung kaya, ginantihan Namin ang sinumang gumawa ng masama mula sa kanila at winasak Namin sila, at tinulungan Namin ang naniwala na mga tagasunod ng mga Sugo, at ganoon din ang Aming gagawin sa mga tumanggi na di-naniwala kapag sila ay nagpatuloy sa kanilang pagtanggi at di- pananampalataya.

48. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagpapadala ng mga hangin upang ikalat ang mga ulap na nagdadala ng tubig, at ito ay ikinakalat ng Allâh (ﷻ) sa kalangitan ayon sa Kanyang kagustuhan, at ito ay pinaghihiwa-hiwalay Niya, na kung kaya, makikita mo ang tubig-ulan na lumalabas mula sa ulap, at kapag ito ay dinala ng Allâh (ﷻ) tungo sa Kanyang mga alipin ay nagagalak sila dahil sa ito ay ipinadala ng Allâh (ﷻ) sa kanila.

49. At katiyakan, bago ang pagkakapababa ng tubig-ulan na ito ay nasa pagkalungkot sila at kawalan ng pag-asa dahil sa hindi pagdating ng ulan sa kanila.

50. Na kung kaya, pagmasdan mo, O ikaw na nakakakita na may kasamang pagsusuring pinag-aaralan ang naging bunga ng Habag ng Allâh (ﷻ) sa pagkakapadala ng tubig-ulan na tumubo sa pamamagitan nito ang mga halamanan, pananim at mga puno, na kung paano binubuhay ng Allâh (ﷻ) ang kalupaan pagkatapos nitong mamatay o matuyot, na kung kaya, tumutubo at lumalago ang mga pananim. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na Siyang nagtatakda ng pagkabuhay ng kalupaan mula sa pagiging tuyot nito ay Siya rin sa katotohanan ang bubuhay ng mga patay mula sa kanilang mga libingan, at Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan na walang sinuman ang makakapigil sa anuman na Kanyang nais gawin, na May Kakayahan sa lahat ng bagay.



51. At kapag nagpadala Kami ng masamang hangin sa kanilang mga pananim at mga halamanan, at nakita nila na nasira ang kanilang mga pananim dahil sa masamang hangin na ito, na pagkatapos nitong maging luntian ay naging dilaw, ay mananatili sila na lumalabag sa Allâh (ﷻ) pagkatapos nila itong makita at binabalewala ang Kanyang mga biyaya.

52. Samakatuwid, O Muhammad (ﷺ), katiyakan na hindi mo magagawa na mapadinig ang sinumang pinatay ang kanyang puso o di kaya ay tinakpan ang kanyang tainga upang hindi mapakinggan ang panawagan ng katotohanan, kaya huwag kang magdalamhati at malungkot dahil sa di-paniniwala sa iyo ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, dahil walang pag-aalinlangang sila ay katulad ng mga bingi at mga namatay na hindi nakakarinig at nakakaramdam kahit na sila pa ay nandoroon, paano pa kaya kung sila ay wala roon at tumatalikod?

53. Na kung kaya, hindi mo magagabayan ang sinumang binulag ng Allâh (ﷻ) sa Daan ng Katotohanan at hindi mo maparirinig ang sinuman upang magkaroon ng kapakinabangan maliban sa sinumang naniwala sa Aming mga talata dahil sa sila ay sumasang-ayon at sumusunod sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ).

54. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha sa inyo mula sa lusaw na punla na walang halagang bagay na ito ay '*Nutfah*,' at pagkatapos ay pinagkalooban Niya kayo ng lakas pagkatapos ng inyong kahinaan bilang batang sanggol na lumalaki, pagkatapos ng lakas na ito ay ginawa Niya kayong maging mahina sa pamamagitan ng inyong katandaan at pagiging kulay abuhin ng inyong mga buhok, nilikha ng Allâh (ﷻ) ang anuman na Kanyang nais mula sa pagiging mahina at kalakasan, at Siya ay '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa anuman na Kanyang nilikha, na '***Al-Qadeer***' – ang Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay.

55. At sa Araw na kapag dumating ang Muling Pagkabuhay at bubuhayin ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang nilikha mula sa kanilang mga libingan ay susumpa ang mga walang pananampalataya na hindi sila nanatili sa daigdig kundi maiksing panahon lamang, at sila ay nagsinungaling sa kanilang panunumpa na katulad ng kanilang pagsisinungaling noong sila ay nasa daigdig pa na tinanggihan nila ang katotohanan na dinala ng mga Sugo.

56. At sinabi ng mga yaong pinagkalooban ng kaalaman at paniniwala sa Allâh na mga anghel, mga propeta at mga mananampalataya: "*Katiyakan*, *nanatili kayo roon na katulad ng naitala ng Allâh* (ﷻ) *na nasa Kanyang kaalaman mula sa araw na kayo ay nilikha hanggang sa araw na kayo ay binuhay na mag-uli*; *samakatuwid*, *ito ang Araw ng Muling Pagkabuhay*, *subali't kayo ay walang kabatiran hinggil dito*, *na kung kaya*, *hindi ninyo ito pinaniwalaan at tinanggihan ninyo noong kayo ay nasa daigdig pa*."

57. Na kung kaya, sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay walang pakinabang ang mga masasama sa anuman na kanilang ikakatwiran at ibibigay na paumanhin, at hindi na hihilingin pa sa kanila na magsipagsisi at sumunod upang mapamahal sila sa Allâh (ﷻ) sa halip ay paparusahan dahil sa kanilang kasamaan at mga kasalanan.

58. Katiyakan, nilinaw Namin sa mga tao sa Dakilang Qur'ân na ito ang lahat ng halimbawa upang maitatag sa kanila ang katibayan laban sa kanila at pagpapatunay sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) na Kataas-Taasan, at kahit na dalhin mo pa sa kanila, O Muhammad, ang anumang katibayan na nagpapatunay sa iyong pagiging totoo ay walang pag-aalinlangang sasabihin pa rin ng mga walang pananampalataya sa iyo: "*Kayo*, *O Muhammad*, *ikaw at ang iyong mga tagasunod ay walang sinusunod kundi pawang kamalian na wala sa katotohanan*."

59. At sa ganito isinasara ng Allâh (ﷻ) ang mga puso ng hindi nakaaalam ng katotohanan na dinala sa kanila ni Muhammad (ﷺ) mula sa Allâh (ﷻ) hinggil sa mga aral at mga malilinaw na mga katibayan.

60. Na kung kaya, magtiis ka, O Muhammad (ﷺ), sa anumang nangyari na paninira sa iyo at pagpapahirap ng mga walang pananampalataya mula sa iyong sambayanan at kanilang pagtanggi, dahil katiyakang ang anumang ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa iyo na tagumpay, pangingibabaw, gantimpala ay walang pag-aalinlangan na katotohanan ang hinggil sa bagay na ito. Na kung kaya, huwag mong pahintulutan na panghinaan ka ng loob hinggil sa '*Deen*' ng Allâh (ﷻ), ng mga yaong walang katiyakan ang kanilang paniniwala sa Kabilang-Buhay na hindi sila naniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli at Paghuhukom.

سورة لـــقمان 31

XXXI – Sûrat Luqmân

[**Kabanata Luqmân** – Si Luqmân]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Alif-Lãm-Mĩm*. Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Ito ay mga talata ng Kabanal-banalan na Qur'ân na nagtatangan ng ganap na karunungan.

3. Ang mga talatang ito ay gabay, habag sa mga yaong mababuti sa kanilang gawain na pagsunod sa ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa Dakilang Qur'ân at sa anumang ipinag-utos sa kanila ng Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ).

4. Ang mga yaong nagsasagawa ng '*Salâh*' sa kabuuan nito at isinasagawa ito sa tamang oras, nagbibigay ng '*Zakâh*' na obligadong kawanggawa sa kanila, at sila ay may ganap na katiyakan sa kanilang paniniwala hinggil sa Pagkabuhay na Mag-uli at pagbabayad sa Kabilang-Buhay.

5. Sila na mga yaong nagtatangan ng mga nabanggit na katangian ay nasa malinaw na patnubay at liwanag mula sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at sila ang mga yaong magtatagumpay dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

6. At mayroon sa mga tao na bumibili ng walang kabuluhan na mga pananalita – na ito ay ang anumang naglilihis mula sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at humaharang sa

Kanyang pagmamahal – upang iligaw nila ang mga tao mula sa Daan ng Gabay patungo sa lihis na landas at pinagtatawanan ang mga talata ng Allâh (ﷻ). Ang para sa kanila ay parusa na magpapababa at magpapahamak sa kanila.

7. At kapag binigkas sa kanya ang mga talata ng Dakilang Qur'ân ay tatalikod siya mula sa pagsunod sa Allâh (ﷻ), magmamataas na hindi iintindihin ang aral, na tila wala siyang narinig na anuman, na parang may kabingihan sa kanyang dalawang tainga, na kung kaya, sinuman na ganito ang kaugalian ay ipamalita mo sa kanya, O Muhammad, ang masidhing kaparusahan sa Impiyerno sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

8. Katiyakan, yaong mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at gumawa ng mga mababuting gawa na ipinag-utos sa kanila, ay sila ang nasa patuloy na kasiyahan sa mga Hardin ng Kaluguran sa '*Al-Jannah*.'

9. At ang kanilang buhay sa mga Hardin na yaon ay walang katapusan na hindi na magmamaliw, at ito ang pangako sa kanila ng Allâh (ﷻ) na pangakong tunay at makatotohanan at Siya ay hindi Niya sinisira kailanman ang Kanyang Pangako. At Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang pag-aatas, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang Pangangasiwa.

10. Nilikha ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan, na ito ay Kanyang itinaas na wala kayong nakikitang anumang mga haligi o pundasyon, at itinalusok Niya sa kalupaan ang mga matatag na kabundukan; upang hindi yayanig sa inyo at hindi gagalaw ang kalupaan nang sa gayon ay hindi masira ang inyong pamumuhay, at ikinalat Niya sa kalupaan ang iba't ibang gumagalaw na mga buhay na bagay, at ibinaba Niya mula sa ulap ang tubig-ulan at pinatutubo Niya sa pamamagitan nito ang mga pananim mula sa kalupaan na magkakapares at mga mababuting uri na kapaki-pakinabang, na napakagagandang tanawin.

11. At ang lahat ng iyong mga nakikita ay nilikha ng Allâh (ﷻ), na kung kaya, ipakita ninyo sa Akin, O kayo na mga '*Mushrikûn*' – nagtatambal o sumasamba ng iba bukod sa Allâh, kung ano ang nilikha ng inyong mga diyus-diyusan na sinasamba bukod sa Allâh. Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan, kundi sila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay nasa malinaw na pagkakalayo sa katotohanan at sa Matuwid na Landas.



12. Katiyakan, ipinagkaloob Namin sa isang mabuting alipin mula sa Aming mga alipin – si Luqmân – ang karunungan, na ito ay kaalaman sa '*Deen*' (o Relihiyon) at kawastuhan ng pag-iisip at tamang pananalita, at sinabi Namin sa kanya: "*Pasalamatan mo ang Allâh* (ﷻ) *sa Kanyang mga biyaya sa iyo*," at sinuman ang nagpapasalamat sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, ang pakinabang nito ay para rin lamang sa kanya sapagka't ito ay babalik sa kanya, at sino naman ang babalewalain ito ay walang pag-aalinlangang ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghanee***' – Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan na hindi nangangailangan ng pagtatanaw ng utang na loob sa kahit na sinupaman, na '***Hameed***' – Nagmamay-ari ng lahat ng papuri, na pinupuri sa Kanyang mga katangian at sa Kanyang mga gawa sa lahat ng pagkakataon.

13. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang pagpapayo ni Luqmân sa kanyang anak na kanyang sinabi sa kanya: "*O aking anak! Huwag kang sumamba ng iba bukod sa Allâh dahil maapi mo ang iyong sarili*; *sa kadahilanang ang pagsamba ng iba bukod sa Allâh ay isang napakalaking kasalanan*, *sukdulang kasamaan at karumal-dumal na gawain.*"

14. At inutusan Namin ang tao na maging mabuti sa kanyang mga magulang at maging masunurin, dahil sa dinala siya sa sinapupunan ng kanyang ina sa kahinaan at kahirapan pagkatapos ay panibagong kahinaan at kahirapan muli, at ang pagdadalang-tao sa kanya ng kanyang ina, at ang pagpapasuso sa kanya hanggang sa siya ay awatin sa pagpapasuso ay sa loob ng dalawang taon, at Aming sinabi sa kanya: "*Magpasalamat ka sa Allâh* (ﷻ), *at pagkatapos ay magpasalamat ka sa iyong mga magulang*, *dahil sa Akin ang iyong huling hantungan at tutumbasan Ko ang sinuman sa anumang karapat-dapat na para sa kanya*."

15. Subali't kapag pinilit ka nila, O ikaw na mananampalataya, ng iyong mga magulang na magtambal ng iba sa pagsamba sa Akin na wala kang kaalaman o di kaya ay inutusan ka nilang dalawa na gumawa ng anumang labag sa kautusan ng Allâh (ﷻ) ay huwag mo silang sundin sa bagay na ito; dahil hindi dapat sundin ng sinuman ang sinuman sa anumang kasalanan, subali't magkagayunpaman ay pakitunguhan mo pa rin silang dalawa nang pakikitungong napakabuti rito sa daigdig na hindi ka makagawa sa kanila ng anumang pagkakasala sa salita man o sa gawa, kahit na ang pagsabi lamang ng salitang '*uff*' na ikapagdaramdam nila, at sundin mo ang daan ng sinumang nagsipagsisi sa kanyang pagkakasala at nagbalik-loob sa Akin at naniwala sa Aking Sugo na si Muhammad. Pagkatapos sa Akin kayong lahat ay magsisipagbalik at ihahayag Ko sa inyo ang anuman na inyong kinagawian na gawin sa daigdig, at ibibigay Ko ang katumbas na kabayaran ng anuman na nagawa ng sinuman.

16. O aking anak! Dapat mong mabatid na kahit na kaliit-liitang kasalanan o di kaya ay kabutihan na kasimbigat ng buto ng mustasa, at ito ay nasa ilalim ng bundok o di kaya ay nasa isang lugar sa mga kalangitan o saanmang lugar sa kalupaan, walang pag-aalinlangan, ipapakita ito ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at huhukuman ang bawa't isa ayon dito. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Lateef***' – Pinakadalubhasa, Kapita-Pitagan at Ganap na May Kakayahan na gawin ang lahat ng bagay kahit na kaliit-liitan pa ito, na '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay at batid Niya ang anumang ginagawa ng Kanyang mga alipin.

17. O aking anak! Isagawa mo ang '*Salâh*' nang ganap kasama ang mga haligi ('*arkân*') nito, mga kundisyon ('*shurut*') at panuntunan ('*wâjibat*') nito, at ipag-utos mo ang mabuti at ipagbawal mo ang masama sa pinakamalumay na kaparaanan na may karunungan sa abot ng iyong kakayahan, at tiisin mo ang anumang matatamo mo na kahirapan sa pagpapatupad mo nito, at dapat mong mabatid na ang mga pagpapayong ito ay mula sa ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) na karapat-dapat na pagsikapan at gawin.

18. At huwag mong talikuran ang mga tao habang ikaw ay nakikipag-usap sa kanila o sila ay nakikipag-usap sa iyo; bilang pagmamaliit sa kanila at pagmamayabang sa harapan nila, at huwag maglakad sa ibabaw ng kalupaan na may pagmamayabang sa harapan ng mga tao, katiyakan, hindi naiibigan ng Allâh (ﷻ) ang sinumang mapagmayabang at mapagmataas sa kanyang sarili at sa kanyang salita.

19. Magpakumbaba ka sa iyong paglalakad, at hinaan mo ang iyong boses dahil katiyakang ang pinakamasama sa lahat ng mga boses at kinamumuhian ay boses ng isang asno.



20. Hindi ba ninyo nakita, O kayong mga tao, na ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangang nilikha Niya para sa inyong kapakinabangan ang anumang nasa mga kalangitan na tulad ng araw, buwan, ulap at iba pa; at gayundin ang lahat ng nasa kalupaan na tulad ng anumang gumagapang, mga puno, tubig at iba pa na hindi ninyo kayang bilangin, at binuo Niya at ginawa Niyang ganap ang Kanyang mga biyaya sa inyo, nakikita man na tulad ng nasa inyong pangangatawan o di-man nakikita na tulad ng nasa inyong kaisipan at mga puso at anupamang itinalaga Niya para inyo na hindi ninyo batid? Magkagayunpaman, mayroon sa sangkatauhan ang nakikipagtalo hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa taos-pusong pagsamba lamang sa Kanya na wala silang anumang katibayan o patnubay, o anumang malinaw na Kasulatan na nagpapatunay sa kanilang mga inaangkin.

21. At kapag sinabi sa kanila na mga nakikipagtalo hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa pagiging bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya: "*Sundin ninyo ang ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *sa Kanyang Propeta na si Muhammad*," kanilang sasabihin: "*Ang sinusunod lamang namin ay kung ano lamang ang aming nakagawian sa aming mga ninuno na pagsamba ng iba bukod sa Allâh na mga diyus-diyusan*," ginagawa ba nila ito kahit si '*Shaytân*' lamang ang nag-anyaya sa kanila; upang sila ay hikayatin sa paggawa ng masamang gawain at sa pagtanggi sa Allâh at sa Kanyang kaparusahan na naglalagablab na apoy?

22. At sinuman ang taos-puso ang kanyang pagsamba, at ang kanyang layunin ay para lamang sa Allâh (ﷻ), na siya ay mabuti sa kanyang mga sinasabi at itinutuwid niya ang kanyang mga gawain, siya sa katotohanan ang nakahawak nang mahigpit na pagkakahawak sa pinakamatibay na katibayan na magdadala sa kanya tungo sa pagmamahal ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang '*Al-Jannah*' (Hardin). At sa Allâh (ﷻ) ang huling hantungan ng lahat ng bagay, at gagantimpalaan Niya ang mabuti ayon sa

kanyang kabutihan at ang masama naman ay paparusahan ayon sa kanyang kasamaan.

23. At sinuman ang hindi naniwala, huwag mong ipagdalamhati ang kanyang di-paniniwala, O Muhammad (ﷺ); dahil walang pag-aalinlangang naisakatuparan mo ang iyong tungkulin na pag-aanyaya at pagpaparating ng mensahe, na sa Amin sila magbabalik lahat sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at isasaad Namin sa kanila ang kanilang karumal-dumal na gawain na nagawa sa daigdig, pagkatapos ay tutumbasan Namin sila ayon dito, katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa anuman na kinikimkim ng kanilang mga dibdib na di-paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagpili ng pagsunod kay ‘*Shaytân*.’

24. Ipatitikim Namin sa kanila ang pansamantalang kasiyahan na may katapusan dito sa daigdig, pagkatapos sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay uubligahin Namin sila at kakaladkarin tungo sa masidhing kaparusahan, na ito ay kaparusahan sa Impiyernong-Apoy.

25. At kapag tinanong mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh: “*Sino ang naglikha ng mga kalangitan at kalupaan?*” Walang pag-aalinlangan, sasabihin nila, “*Ang Allâh*,” kung ganito ang kanilang itinugon, sabihin mo sa kanila: “*Papuri sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang naglantad ng katibayan laban sa inyo mula sa inyong mga sarili*,” subali’t karamihan pa rin sa kanila na sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay hindi pinagmamasdan at hindi sinusuri kung sino ang karapat-dapat na pasalamatan at purihin, na kung kaya, sila ay sumamba ng iba bukod sa Allâh.

26. Bukod-Tanging Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng nasa mga kalangitan at kalupaan bilang Kanyang kaharian, mga alipin, mga nilikha at nasa ilalim ng Kanyang pagtatakda, na kung kaya, walang sinuman ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin bukod sa Kanya. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Ghanee***’ – Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan na Siya ay hindi nangangailangan ng kahit na anuman sa Kanyang nilikha, na ‘***Hameed***’ – Kapuri-Puri sa Kanyang mga katangian at sa Kanyang mga gawa sa lahat ng pagkakataon.

27. At kahit ang lahat ng mga puno sa daigdig ay tinabas at ginawang mga panulat, at ang mga karagatan naman ay ginawang tinta para rito, at magdagdag pang muli ng panibagong pitong karagatan na katulad nito, at isulat sa pamamagitan ng mga panulat at ng mga tinta na yaon ang lahat ng mga salita ng Allâh (ﷻ), gayunpama’y mauubos ang lahat ng panulat at lahat ng tinta subali’t hindi mauubos ang lahat ng salita ng Allâh (ﷻ) sa pagiging Kaganapan nito na walang sinuman ang

nakakasaklaw nito bukod sa Kanya. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Azeez***’ – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang paghihiganti sa sinumang sumamba ng iba bukod sa Kanya, na ‘***Hakeem***’ – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa sa Kanyang nilikha.

Dito sa talatang ito ang patunay hinggil sa katangian ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang pananalita na pagiging totoo na angkop sa Kanyang Kadakilaan at Kaganapan.

28. Ang paglikha sa inyong lahat, O kayong mga Tao, at pagbuhay na mag-uli sa inyong lahat sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay napakadali para sa Allâh (ﷻ) na katulad lamang ng paglikha at pagbuhay na mag-uli ng isang tao. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Samee***`’ – Ganap na Nakakarinig ng inyong mga sinasabi, na ‘***Baseer***’ – Ganap na Nakakakita ng inyong mga gawain, at ayon dito ay isasagawa ang kabayaran para sa inyo.



29. Hindi mo ba nakikita na ang Allâh (ﷻ) ay kumukuha mula sa mga oras (o bahagi) ng gabi at pinahahaba Niya ang araw sa pamamagitan nito na pinaiiksi Niya naman ang gabi, at kumukuha Siya mula sa mga oras ng araw at pinahahaba Niya ang gabi sa pamamagitan nito na pinaiiksi Niya naman ang araw, at ginawa Niyang madali para sa kapakinabangan ninyo ang araw at buwan, na kumikilos ang bawa't isa rito sa mga kinalalagyan nito ayon sa nakatakdang panahon, at ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakababatid sa lahat ng ginagawa ng Kanyang nilikha, mabuti man o masama, na walang anuman ang nailililihim sa Kanya.

30. Lahat ng mga ito ay kabilang sa Aking mga dakilang kapangyarihan; upang mabatid ninyo at mapagtanto ninyo na ang Allâh (ﷻ) sa katunayan, Siya ay katotohanan sa Kanyang Sarili at sa Kanyang Katangian at sa Kanyang gawain, at ang anuman na kanilang dinadalanginan bukod sa Allâh ay kamalian; at katiyakang ang Allâh (ﷻ), Siya ay '***Al-`Alee***' – ang Kataas-Taasan sa Kanyang Sarili na Siya ay nasa ibabaw ng lahat ng Kanyang nilikha, na Siya ay '***Al-Kabeer***' – ang Pinakadakila sa lahat ng bagay at ang lahat bukod sa Kanya ay nagpapasailalim sa Kanya, Siya lamang ang bukod-tangi na karapat-dapat na sambahin.

31. Hindi mo ba nakikita na ang mga sasakyang-pandagat ay lumalayag ayon sa pag-aatas ng Allâh (ﷻ) bilang biyaya na mula sa Kanya para sa Kanyang nilikha; upang ipakita sa inyo ang Kanyang mga aral, mga katibayan na nasa inyo upang ito ay inyong matutunan? Katiyakan, sa paglalayag ng mga sasakyang-pandagat ay mga palatandaan sa sinumang nagtitiis na lumalayo sa mga ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) na pinasasalamatan ang Kanyang mga biyaya.

32. At kapag nakasakay na ang mga walang pananampalataya sa Allâh, sa mga sasakyang-pandagat at nasapawan na sila ng mga alon sa lahat ng dako na para

bagang mga ulap at gabundok sa laki, ay magkakaroon sila ng matinding pagkatakot na baka sila ay malunod, na kung kaya, sila ay tuwirang haharap sa Allâh (ﷻ) at magiging dalisay ang kanilang panalangin sa Kanya, subali't kapag sila ay ligtas na nakadaong na sa kapatagan ay mayroon sa kanila ang pumapagitna na nagkakaroon ng alinlangan na hindi nagpasalamat sa Allâh (ﷻ) ng karapat-dapat na pagpapasalamat, at mayroon naman sa kanila ang binalewala ang Allâh (ﷻ) at tinanggihan ang Kanyang biyaya, at walang sinumang tatanggi sa Aming mga palatandaan, mga katibayan na nagpapatunay ng Kaganapan ng Aming kapangyarihan, at Kaisahan ng Allâh (ﷻ) maliban sa sinumang taksil na sumisira ng pangako, at tinanggihan ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagbabalewala ng Kanyang mga biyaya.

33. O sangkatauhan! Katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, at sumunod kayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas ng Kanyang ipinagbabawal, at katakutan ninyo ang pagdating ng Araw ng Muling Pagkabuhay, na sa Araw na yaon ay wala nang magagawang anumang kapakinabangan ang ama sa kanyang anak, gayundin ang anak sa kanyang ama.

Katiyakan, ang pangako ng Allâh (ﷻ) ay katotohanan na ito ay tiyak na walang pag-aalinlangan. Na kung kaya, huwag pahintulutang malinlang kayo ng kasalukuyang buhay dito sa daigdig at ng kinang nito na makakalimutan ninyo ang buhay sa Kabilang-Buhay, at huwag ninyong pagtaksilan ang Allâh (ﷻ) sa pagmamagitan ng pagsunod sa pinakapinuno ng tagapaglinlang na nagtaksil kasama ang mga '*Shaytân*' na mula sa mga '*Jinn*' at mga tao.

34. Katiyakan, Bukod-Tanging ang Allâh (ﷻ) lamang at wala nang iba pa ang Nakaaalam kung kailan magugunaw ang daigdig, at Siya lamang ang nakapagpapababa ng ulan mula sa ulap na walang sinuman ang makagagawa nito bukod sa Kanya, at ang Nakaaalam kung ano ang katotohanang nasa sinapupunan ng mga kababaihan, at walang sinumang may buhay ang nakaaalam kung ano ang mangyayari sa kanyang hinaharap, at walang sinumang may buhay ang nakaaalam kung saan kalupaan siya mamamatay, bagkus ang Allâh (ﷻ), Siya lamang ang Nagmamay-ari ng lahat ng kaalamang ito.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang ''***Aleem***' –Ganap na Nakaaalam ng mga bagay na nakikita at di-nakikita na Walang-Hanggang Tagamasid sa lahat ng bagay sa lahat ng pagkakataon, na '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na walang anumang bagay na naililihim sa Kanya.

سورة السجدة 32

XXXII – Sûrat As-Sajdah

[**Kabanata As-Sajdah**[53] – Ang Pagpapatirapa]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. *Alif-Lãm-Mĩm*. Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Itong Dakilang Qur'ân na dala-dala ni Propeta Muhammad (ﷺ) na walang pag-aalinlangan sa nilalaman nito, ay ibinaba mula sa Allâh (ﷻ) na Siyang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang.

3. O sinasabi ba ng mga walang pananampalataya: "*Inimbento ni Muhammad ang Qur'ân?*" Sila ay nagsinungaling, hindi ang kanilang pag-aakala ang siyang katotohanan, kundi ito ay walang pag-aalinlangang ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), mula sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha; upang mabalaan mo sa pamamagitan nito ang mga tao na hindi dumating sa kanila ang babala bago ang pagkakapadala sa iyo, upang sila ay magabayan at mabatid nila ang katotohanan, pagkatapos ay paniwalaan nila at ito ang una nilang pagtuunan ng pansin at maniwala sila sa iyo.

[53] '*As-Sajdah*' – Isinaling pagpapatirapa na ito ay binubuo ng paglapat ng noo sa lapag kasama ang dulo ng ilong, mga palad ng dalawang kamay, dalawang tuhod at mga daliri ng magkabilang paa.

4. Ang Allâh (ﷻ) na Siyang Lumikha ng mga kalangitan at kalupaan, gayundin ang anuman na nasa pagitan nitong dalawa sa loob ng anim na araw batay sa '*Hikmah*' (o karunungan) na Siya lamang ang Ganap na Nakaaalam dahil kung Kanyang nanaisin ay kaya Niyang likhain ito sa pamamagitan lamang ng salitang pag-aatas na '*kun*' – '*mangyari*' at ito ay kaagad na mangyayari. Pagkatapos Siya ay nag-'*Istawâ*' – pumaroon sa taas ng Kanyang *`Arsh* (na isinaling Trono) na angkop sa Kanyang Kadakilaan, na hindi maaaring tanungin ang pagiging paano nito[54] at hindi rin maaaring itulad ito sa pagtaas ng Kanyang mga nilikha.

Na wala kayong sinuman, O kayong mga tao, bukod sa Kanya bilang Tagapangasiwa o Tagapamagitan; upang maligtas kayo sa Kanyang kaparusahan, kung gayon, hindi ba kayo tatanggap ng paalaala, O kayong mga tao, upang Siya ang Bukod-Tangi na masamba lamang ninyo, na maging taos-puso ang inyong pagsamba sa Kanya?

5. Pinapangasiwaan ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang mga nilikha mula sa kalangitan tungo sa kalupaan, pagkatapos mula sa kalupaan ay muling aakyat ang mga ito sa Kanya, sa araw na ang haba nito ay katumbas ng isang libong taon sa inyong mga araw na binibilang dito sa daigdig.

6. Siya na Tagapaglikha na Tagapangasiwa sa lahat ng bagay hinggil sa Kanyang mga nilikha ay batid Niya ang anumang di-nakikita ng mga mata mula sa mga kinikimkim ng mga dibdib at itinatago ng mga kalooban, at batid din Niya ang anumang nakikita ng mga mata, at Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Kanyang mga alipin na mga mananampalataya.

7. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagsagawa sa ganap na kaayusan ng lahat ng bagay, at sinimulan Niya ang paglikha sa tao na ito ay si Âdam mula sa luwad.

8. Pagkatapos ay ginawa Niya na dumami ang lahi ni Âdam mula sa punla na mahina na kakaunti na walang halaga.

9. Pagkatapos ay hinugis Niya sa ganap na kaanyuan ang pagkalikha sa tao at binukod-tangi Niya at pinaganda Niya ang paglikha nito, pagkatapos ay inihinga Niya ang Kanyang kaluluwa sa pamamagitan ng pagpapadala sa anghel para sa kanya, upang ihinga ang kaluluwa sa sanggol; at pinagkalooban Niya kayo, O kayong mga tao, bilang biyaya ng pandinig, paningin, upang malaman ninyo ang pagkakaiba sa

[54]Na hindi maaaring tanungin kung paano Niya ito ginawa, walang paghahambing o pagtutulad sa Kanyang mga nilikha kundi ito ay batay lamang sa Kanyang Kamaharlikaan.

isa't isa ng mga tinig at kulay, iba't ibang mga bagay at mga tao, at gayundin ang biyaya ng kaisipan upang mabatid ang pagkakaiba ng mabuti sa masama, nakabubuti at saka nakasisira subali't kakaunti sa inyo ang tumatanaw ng utang na loob sa anumang ibiniyaya sa inyo.

10. At sinabi ng mga di-naniniwala sa Allâh at pinasinungalingan ang Pagkabuhay na Mag-uli: "*Kapag ang ating mga laman*, *mga buto ay magiging alabok na sa kalupaan ay bubuhayin pa ba tayong muli bilang panibagong nilikha?*" Iniisip nila na ito ay malayong mangyari at wala silang hangarin na marating ang katotohanan, kundi hangad nila'y pagiging masama at pagmamatigas; dahil sila ay hindi naniniwala sa kanilang pakikipagtagpo sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

11. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga walang pananampalataya: "*Ang anghel ng kamatayan ang itinalaga para sa inyong kamatayan at kukunin niya ang inyong kaluluwa kapag natapos na ang inyong buhay*, *kailanman ay hindi ito maiaantala ng kahit na isang segundo. Pagkatapos kayo ay ibabalik sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha upang kayo ay papanagutin sa lahat ng inyong ginawa*, *kung mabuti ay mabuti rin ang itutumbas at kung masama ay masama rin.*"



12. At kung makikita mo lamang ang mga masasama na di-naniwala sa Muling Pagkabuhay na katiyakang iyuyuko nila ang kanilang mga ulo roon sa harapan ng kanilang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha na hiyang-hiya, nagmamakaawa, at hamak na hamak, na kanilang sasabihin: “*O aming ‘Rabb’ na Tagapaglikha! Nakita na namin ang aming kasamaan ngayon at narinig namin mula sa Iyo ang pagpapatunay sa ipinag-utos sa amin ng Iyong mga Sugo sa daigdig, katiyakan, nagsisisi na kami at nagbabalik-loob sa Iyo, na kung kaya, ibalik mo kami sa daigdig upang magawa namin ang pagsunod sa Iyo, dahil katiyakang naseguro na namin ngayon ang anumang hindi namin pinaniwalaan sa daigdig hinggil sa Iyong Kaisahan, at katiyakan, na Ikaw ay bubuhayin Mo na mag-uli ang mga nasa libingan.*” At kung makikita mo lamang ang lahat ng ito ay walang pag-aalinlangang masasaksihan mo ang matinding pangyayari.

13. At kung nanaisin Namin ay ipagkakaloob Namin sa bawa’t tao ang gabay at patnubay sa paniniwala, subali’t nakatakda na ang Salita mula sa Akin at nakatakda na, na pupunuin Ko ang Impiyernong-Apoy mula sa mga di-naniniwala at lumalabag mula sa mga ‘*Jinn*’ at mga tao; dahil mas pinili nila pagkaligaw kaysa patnubay.

14. Sasabihin sa kanila na mga walang pananampalataya habang sila ay papasok sa Impiyerno: Lasapin na ninyo ang parusa sa Impiyerno; dahil sa inyong pagbalewala sa Pagkabuhay na Mag-uli at pagkalulong sa sarap ng buhay sa daigdig, at pababayaan Namin kayo ngayon sa parusa, na kung kaya, lasapin ninyo ang parusa sa Impiyernong-Apoy na walang katapusan; dahil sa ginawa ninyo sa daigdig na di-paniniwala sa Allâh at paglabag sa Kanyang kagustuhan.

15. Ang naniniwala lamang sa mga talata ng Dakilang Qur’ân at ito ay isinasapamuhay ay ang mga yaong kapag pinaalalahanan hinggil dito at binigkas ito

sa kanila, ay nagpapatirapa sila sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang mga may takot at sumusunod sa Kanya, na kung kaya, purihin ninyo ang Allâh (ﷻ) sa inyong pagpapatirapa, at sila ay hindi nagmamataas sa pagpapatirapa at pagpuri, gayundin sa pagsamba nang bukod-tangi sa Allâh (ﷻ) na walang katambal.

16. At ang mga yaong naniwala sa mga talata ng Allâh (ﷻ) ay ibinabangon nila ang kanilang mga sarili mula sa kanilang higaan sa pagtulog para magsagawa ng '*Salâh*' bilang '*Tahajjud*' na dasal sa gabi alang-alang sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at nananalangin sila sa Kanya na may pagkatakot mula sa parusa at pag-aasam ng gantimpala, at mula sa kabuhayan na ipinagkaloob sa kanila ay gumagasta sila bilang pagsunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Daan.

17. At walang sinumang tao ang nakababatid kung ano ang itinagong lihim para sa kanila na mga mananampalataya na pinakamatinding kaligayahan na kalugud-lugod sa mga mata; bilang gantimpala sa kanilang mga mabubuting gawa.

18. Na kung kaya, siya ba na sumunod sa Allâh at sa Kanyang Sugo na naniniwala sa Kanyang pangako at babala, ay magiging katulad ba lamang sila ng sinumang hindi naniwala sa Allâh, sa Kanyang mga Sugo at hindi naniwala sa Muling Pagkabuhay? Walang pag-aalinlangan, hindi magkaparehas ang dalawang ito sa paningin ng Allâh (ﷻ).

19. Subali't ang para sa mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at isinagawa ang anumang ipinag-utos sa kanila, ang para sa kanila bilang gantimpala ay '*Al-Jannât*' (mga Hardin) na kung saan doon sila'y maninirahan at mananatili sila sa kaligayahan na yaon bilang pag-iistima sa kanila, dahil sa kanilang kinagawian na pagsunod dito sa daigdig.

20. At para sa mga yaong naghimagsik sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at gumawa ng paglabag sa Kanya, ang kanilang tahanan ay Impiyernong-Apoy, sa tuwing sila ay magnanais na lumabas doon ay ibabalik silang muli roon, at sasabihin sa kanila bilang pag-aalipusta: "*Lasapin ninyo ang parusa ng Impiyernong-Apoy na kung saan noon ay hindi ninyo pinaniwalaan sa daigdig*."



21. At katiyakan, ipatitikim Namin sa kanila na mga masasama na mga walang pananampalataya ang may kagaanan na parusa rito sa daigdig na tulad ng mga sakuna, mga kalamidad bago ang masidhing kaparusahan sa Kabilang-Buhay na kung saan paparusahan sila roon sa Impiyernong-Apoy; na baka sakaling sila ay magbalik sa katinuan at pagsisihan ang kanilang mga nagawang kasalanan.

22. Mayroon pa bang pinakamatindi ang kanyang kasamaan, sa (harapan ng) kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha kaysa sa isa na kapag pinaaalahanan sa mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) ay tinatalikuran niya ang lahat ng ito na hindi inuunawa ang mga pagpapayo, sa halip ay nagmataas siya? Katiyakan, Kami ang magbibigay ng sapat na kabayaran sa mga masasama na tinalikuran ang mga talata ng Allâh at Kanyang mga katibayan at hindi ito pinahalagahan.

23. At katiyakan, ipinagkaloob Namin kay Mousã (عليه السلام) ang '*Tawrah*' na katulad ng pagkakaloob Namin sa iyo ng Qur'ân, O Muhammad (ﷺ), na kung kaya, huwag kang magkaroon ng pag-aalinlangan sa nangyaring pagtagpo ninyo ni Mousã (عليه السلام) sa gabi ng '*Isrâ`*' at '*Mi`raj*,' at ginawa Namin ang '*Tawrah*' bilang gabay sa angkan ni Isrâ`îl, na hinihikayat sila tungo sa katotohanan at Matuwid na Landas.

24. At pumili Kami mula sa angkan ni Isrâ`îl ng mga tagapaggabay, mga tagapag-anyaya tungo sa kabutihan na sinusunod sila ng mga tao hinggil (sa bagay na) ito, at naghihikayat sila tungo sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at bukod-tanging pagsamba at pagsunod lamang sa Kanya, na kung kaya, nakamtan nila ang mataas na antas na ito mula sa Allâh (ﷻ) noong sila ay nagtiis sa pamamagitan ng pagsagawa ng ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) at pag-iwas sa Kanyang ipinagbawal, at ang pag-anyaya tungo sa Kanya, gayundin sa kanilang pagtitiis sa mga pagsubok na dumarating sa kanila habang tinatahak nila ang Daan na ito, at sila ay nakatitiyak sa mga talata ng Allâh at ng Kanyang mga katibayan.

25. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), ang maghuhukom sa pagitan ng mga mananampalataya at hindi mananampalataya mula sa angkan ni Isrâ`îl at iba pa, sa Araw ng Muling Pagkabuhay nang makatarungang paghuhukom sa anuman na hindi nila pinagkasunduan hinggil sa '*Deen*,' at gagantihan Niya ang bawa't isang tao ayon sa kanyang gawa sa pamamagitan ng pagpapapasok sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ng sinumang karapat-dapat na makapasok sa '*Al-Jannah*' at sa Impiyerno ng sinumang karapat-dapat na makapasok sa Impiyerno.

26. Hindi ba naging malinaw sa kanila na mga hindi naniniwala sa mga Sugo: kung paano Namin pinuksa ang mga nauna kaysa sa kanila na mga henerasyon na ang kanilang tinirhan noon ay kanilang nilalakaran (sa ngayon), na malinaw na nakikita nila sa kanilang mga mata ang mga lugar na ito na tulad ng sambayanan ni Hûd, ni Sâleh at ni Lût? Katiyakan, ang mga ito ay mga palatandaan at mga pagpapayo na nagpapatunay na ang mga Sugo ay totoo sa kanilang mga mensaheng dala-dala, at ang kamalian nila na gumagawa ng pagtatambal. Di ba nila narinig na mga di-naniniwala sa mga Sugo ang mga pagpapayo ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang mga katibayan upang ito ay mapakinabangan nila?

27. Hindi ba nakikita ng mga hindi naniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli pagkatapos ng kamatayan, na dinadala Namin ang tubig-ulan tungo sa tuyot na kalupaan na hindi tinutubuan ng anumang pananim, at pagkatapos noon ay pasisibulin Namin ang iba't ibang uri ng mga pananim na kung saan kumakain mula roon ang kanilang mga hayop, at nakakakuha sila ng kapakinabangan sa pamamagitan nito bilang kabuhayan? Hindi ba nakikita ng kanilang mga mata ang mga biyayang ito, upang mapatunayan nila na ang Allâh (ﷻ) na gumawa nito ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan na kaya Niyang buhayin ang mga patay mula sa kanilang mga libingan?

28-29. Minamadali nila na mga di-naniniwala sa Allâh ang parusa at kanilang sinasabi: "*Kailan pa ba ang pagpasiya bilang paghuhukom sa pagitan namin at ninyo upang parusahan kami na tulad ng inyong inaangkin kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin?*" Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang Araw ng Pagpasiya na kung saan kayo ay paparusahan doon, na ito ay inyong makikita sa oras ng kamatayan, na sa pagkakataong yaon ay hindi na mapakikinabangan ang paniniwala ng sinumang hindi naniwala, at hindi rin sila bibigyan ng kahit na sandaling palugit upang maiantala ang parusa para sila ay makapagsisi at makapagbalik-loob*."

30. Na kung kaya, pabayaan mo na ang mga walang pananampalataya, O Muhammad (ﷺ), at huwag mo nang pansinin ang kanilang pagtanggi, at abangan mo na lamang ang anumang gagawin ng Allâh (ﷻ) sa kanila, dahil sila sa katunayan ay nag-aabang din sa inyo sa anumang masamang mangyayari sa inyo.

سورة الأحزاب 33

XXXIII – Sûrat Al-Ahzâb

[**Kabanata Al-Ahzâb** – Ang Mga Nagtulung-tulong Na Grupo]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. O Propeta! Panatilihin mo ang iyong sarili sa pagkatakot sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsagawa ng Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal, at nararapat na sumunod sa iyo ang mga mananampalataya; dahil higit na sila ang nangangailangan nito kaysa sa iyo, at huwag mong sundin ang mga walang pananampalataya at ang mga mapagkunwari. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay, na ‘***Hakeem***’ – Ganap na Maalam sa Kanyang nilikha, pag-aatas at pangangasiwa.

2. At sundin mo ang anumang ipinahayag sa iyo, mula sa Allâh na iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, na Qur’ân at ‘*Sunnah*,’ katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Khabeer***’ – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Tagapagmasid sa lahat ng inyong ginagawa at kayo ay tutumbasan ayon dito, na walang anumang nailalihim sa Kanya.

3. At magtiwala ka sa Allâh (ﷻ) at ipaubaya mo ang lahat ng bagay sa Kanya, at sapat na Siya bilang Tagapangalaga ng sinumanang nagtiwala at nagbalik-loob sa Kanya.

4. Hindi ginawan ng Allâh (ﷻ) ang sinumang tao ng dalawang puso sa kanyang dibdib, at hindi rin ginawa ng Allâh (ﷻ) ang inyong mga asawa na kapag ayaw na

ninyo sa kanila ay sasabihin ninyong sila ay katulad ng likuran ng inyong mga ina, na ipinagbabawal sa inyo na tulad ng pagbabawal sa inyo sa mga sarili ninyong ina – ang '*Dzihar*' ay sasabihin ng lalaki sa kanyang asawa: ikaw para sa akin ay katulad ng likuran ng aking ina at ito ay isang uri ng '*diborsiyo*' o paghihiwalay sa kapanahunan ng kamangmangan, na kung kaya, nilinaw ng Allâh (ﷻ) na ang asawang babae ay hindi kailanman maaaring maging katulad ng sarili niyang ina sa anumang kaparaanan, at hindi ginawa ng Allâh (ﷻ) ang inyong mga inampon na anak na lalaki na ituring ninyong mga tunay na anak sa batas ng Islâm, sa halip ang '*Dzihar*' at ang pag-aampon ay hindi nagpapatunay ng pagbabawal sa pag-aasawa, na kung kaya, hindi magiging katulad ng ina sa pagbabawal sa pag-aasawa ang asawa na inihambing sa likuran ng ina, at hindi rin pinagtitibay ng pag-aampon na pagiging mag-amang tunay na katulad ng sinasabi ng taong nag-aampon: "*Ito ay anak ko*," dahil ito ay salita lamang sa bibig na wala sa katotohanan, na kung kaya, hindi dapat na susundin, at ang Allâh (ﷻ) ay nagsasabi ng katotohanan at nililinaw Niya sa Kanyang mga alipin ang Kanyang Daan at ginagabayan Niya sila tungo sa Matuwid na Landas.

5. Tawagin ninyo ang inyong mga inampon sa pangalan ng kanilang ama, at ito ay mas makatarungan at matuwid sa paningin ng Allâh (ﷻ), at kapag hindi ninyo kilala ang kanilang mga tunay na ama ay tawagin ninyo sila bilang mga kapatid sa Islâm na kung saan dito kayo nagkaisa dahil sila ay kapatid ninyo sa '*Deen*' at katulad ng inyong pinalayang alipin, at wala kayong kasalanan sa anumang nagawa ninyong pagkakamali kung ito ay hindi ninyo sinasadya, pinaparusahan lamang kayo sa mga bagay na inyong sinasadyang gawin. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagkamali, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa sinumang nagsisi sa kanyang kasalanan.

6. Ang Propeta Muhammad ay mas malapit sa mga mananampalataya kaysa sa kanilang mga sarili sa anumang bagay na hinggil sa '*Deen*' o makamundo man, at ang pagbabawal na mapangasawa ang mga asawa ng Propeta ng sinuman mula sa kanyang sambayanan sapagka't sila ay tulad ng kanilang mga sariling ina, na kung kaya, hindi maaaring pakasalan ang mga asawa ng Sugo ng Allâh (ﷺ) pagkatapos niya silang mapangasawa. At ang magkakamag-anak na mga Muslim ang mas may karapatan sa isa't-isa sa pagmamana ayon sa batas ng Allâh (ﷻ) kaysa kapatid sa pananampalataya o sa nangibang-bayan – dahil ang mga Muslim sa unang pagkakataon noon ay nagmamanahan sila sa isa't isa sa kanilang mga yaman dahil sa pangingibang-bayan o pananampalataya at hindi dahil sa kanilang relasyong magkakamag-anak, pagkatapos ay pinawalang-bisa ito sa pamamagitan ng pagkakapahayag ng talata ng Banal ng Qur'ân hinggil sa pagmamana – maliban na lamang kung gumagawa kayo, O kayong mga Muslim, ng kabutihan sa mga hindi tagapagmana bilang tulong, kabutihan, pagpapatibay ng ugnayan, pagiging makatao

at pagpapatupad sa iniwang habilin ng yumao, at itong nabanggit na batas ay nakatala at naitakda sa '*Al-Lawh Al-Mahfouz*' (ang Aklat ng Talaan), na kung kaya, karapat-dapat na ito ay inyong isagawa. At dito sa talatang ito ang pagiging obligado sa sinumang Muslim na higit pa ang kanyang pagmamahal sa Propeta kaysa sa kanyang sarili, at ito ang kabuuan ng tunay na pagsunod sa kanya at nandito rin ang paggalang sa mga ina ng mga mananampalataya na sila ay mga asawa ng Propeta, na kung kaya, sinuman ang maninira o magmumura sa kanila ay ituturing itong malaking kawalan sa kanila (na mga gumawa nito).


وَإِذْ أَخَذْنَا مِنَ ٱلنَّبِيِّـۧنَ مِيثَٰقَهُمْ وَمِنكَ وَمِن نُّوحٍ وَإِبْرَٰهِيمَ
وَمُوسَىٰ وَعِيسَى ٱبْنِ مَرْيَمَ ۖ وَأَخَذْنَا مِنْهُم مِّيثَٰقًا غَلِيظًا ۝٧
لِّيَسْـَٔلَ ٱلصَّٰدِقِينَ عَن صِدْقِهِمْ ۚ وَأَعَدَّ لِلْكَٰفِرِينَ عَذَابًا أَلِيمًا
۝٨ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱذْكُرُوا۟ نِعْمَةَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ جَآءَتْكُمْ
جُنُودٌ فَأَرْسَلْنَا عَلَيْهِمْ رِيحًا وَجُنُودًا لَّمْ تَرَوْهَا ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ
بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرًا ۝٩ إِذْ جَآءُوكُم مِّن فَوْقِكُمْ وَمِنْ أَسْفَلَ
مِنكُمْ وَإِذْ زَاغَتِ ٱلْأَبْصَٰرُ وَبَلَغَتِ ٱلْقُلُوبُ ٱلْحَنَاجِرَ
وَتَظُنُّونَ بِٱللَّهِ ٱلظُّنُونَا ۝١٠ هُنَالِكَ ٱبْتُلِىَ ٱلْمُؤْمِنُونَ وَزُلْزِلُوا۟
زِلْزَالًا شَدِيدًا ۝١١ وَإِذْ يَقُولُ ٱلْمُنَٰفِقُونَ وَٱلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِم
مَّرَضٌ مَّا وَعَدَنَا ٱللَّهُ وَرَسُولُهُۥٓ إِلَّا غُرُورًا ۝١٢ وَإِذْ قَالَت طَّآئِفَةٌ
مِّنْهُمْ يَٰٓأَهْلَ يَثْرِبَ لَا مُقَامَ لَكُمْ فَٱرْجِعُوا۟ ۚ وَيَسْتَـْٔذِنُ فَرِيقٌ
مِّنْهُمُ ٱلنَّبِىَّ يَقُولُونَ إِنَّ بُيُوتَنَا عَوْرَةٌ وَمَا هِىَ بِعَوْرَةٍ ۖ إِن يُرِيدُونَ إِلَّا
فِرَارًا ۝١٣ وَلَوْ دُخِلَتْ عَلَيْهِم مِّنْ أَقْطَارِهَا ثُمَّ سُئِلُوا۟ ٱلْفِتْنَةَ
لَءَاتَوْهَا وَمَا تَلَبَّثُوا۟ بِهَآ إِلَّا يَسِيرًا ۝١٤ وَلَقَدْ كَانُوا۟ عَٰهَدُوا۟
ٱللَّهَ مِن قَبْلُ لَا يُوَلُّونَ ٱلْأَدْبَٰرَ ۚ وَكَانَ عَهْدُ ٱللَّهِ مَسْـُٔولًا ۝١٥

7. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong gumawa Kami ng Kasunduan sa mga Propeta na pagpaparating ng mensahe, at gumawa rin Kami ng Kasunduan sa iyo, kay Nûh (عليه السلام), kay Ibrâhim (عليه السلام), kay Mousã (عليه السلام) at kay `Îsã Ibn Maryam (عليه السلام), at gumawa Kami sa inyo ng matibay na kasunduan, na ipaparating ang mensahe at ipatutupad ang ipinagkatiwala, at nang sa gayon ay patutunayan ninyo ang isa't isa.

8. (Isinagawa ng Allâh ﷻ ang pangako na yaon sa kanila na mga Sugo) upang tanungin ang mga Sugo kung paano nila tinugunan ang mga katanungan ng kanilang mga sambayanan, nang sa gayon ay pagkalooban ng gantimpalang '*Al-Jannah*' (Hardin) ang mga mananampalataya, at inihanda Namin sa mga walang pananampalataya sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang matinding kaparusahan sa Impiyernong-Apoy.

9. O kayong mga mananampalataya! Alalahanin ninyo ang biyaya ng Allâh (ﷻ) na ipinagkaloob sa inyo sa Madinah sa araw ng labanan sa mga '*Ahzâb*' – na ito ay Labanan sa '*Khandaq*' – noong nagsama-sama laban sa inyo ang mga walang pananampalataya mula sa labas ng Madinah, mga Hudyo at mga Mapagkunwari na taga-Madinah at sa mga karatig-pook sa Madinah, at napalibutan nila kayo, na kung kaya, nagpadala Kami sa mga grupong yaon ng matinding hangin na tinanggal ang kanilang mga tolda at naitapon ang kanilang mga dala-dalahan, at nagpadala pa Kami ng mga anghel mula sa kalangitan na hindi ninyo nakita, na kung kaya, nagkaroon ng matinding takot ang kanilang mga puso. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Ganap na Nakakakita sa inyong ginagawa at walang anumang nailililihim sa Kanya.

10. Alalahanin ninyo noong sila ay dumating sa inyo mula sa itaas ninyo na nagmula sa taas ng lambak sa gawing silangan, at mula sa ibaba naman ninyo na nagmula sa ibaba ng lambak sa gawing kanluran, at sa panahong yaon ay dilat na dilat ang inyong mga mata dahil sa tindi ng pagkalito at pagkagulat, at ang inyong mga puso ay umabot sa inyong mga lalamunan sa tindi ng inyong takot, at nangibabaw ang

kawalan ng pag-asa sa mga mapagkunwari at dumami ang mga sabi-sabi at nag-isip na kayo ng masama laban sa Allâh (ﷻ) na hindi na Niya kayo tutulungan at hindi na mangingibabaw ang Kanyang batas.

11. Dito sa matinding pangyayaring ito ay sinubok ang paniniwala ng mga mananampalataya at sinala ang mga tao, at inihiwalay ang mga mananampalataya sa mapagkunwari, at nanginig sila nang matinding panginginig dahil sa takot at kaba; upang mapatunayan ang paniniwala nila at maragdagan ang kanilang katiyakan.

12. At doon ay sinabi ng mga mapagkunwari at ng mga yaong may pag-aalinlangan sa kanilang mga puso na sila ang mga mahihina sa pananampalataya: "*Walang ipinangako sa amin ang Allâh at ang Kanyang Sugo na tagumpay at pangingibabaw kundi pawang kasinungalingan na mga salita at panlilinlang lamang*, *na kung kaya*, *huwag ninyo siyang paniwalaan*."

13. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang sinabi ng isang grupo na mga mapagkunwari habang tinatawag nila ang mga mananampalataya na mga taga-Madinah: "*O kayong mga taga-Yatrib – ito ang lumang pangalan ng Madinah – wala na kayong magagawa sa labanang ito*, *magiging talunan na kayo*, *na kung kaya*, *magbalik na kayo sa inyong mga tahanan sa Madinah!*" At ang ibang grupo naman na mga mapagkunwari ay humihingi ng pahintulot sa Propeta na bumalik na lamang sa kanilang tahanan sa kadahilanang hindi raw nila mapangangalagaan ang kanilang tahanan at nangangamba sila hingil dito, samantalang ang katotohanan ay hindi gayon, at wala silang hinahangad kundi tumakas sa labanan.

14. Dahil kung pinasok ng mga sundalo na binubuo ng iba't ibang grupo ang lahat ng dako ng Madinah at pagkatapos ay hiniling sa kanila na mga mapagkunwari na sumamba ng iba bukod sa Allâh at talikuran ang Islâm ay tiyak na sila ay tutugon nang mabilisan, at hindi nila iaantala ang pagtanggap ng maling pagsambang ito kundi mangilan-ngilan lamang sa kanila.

15. At katotohanang nangako ang mga mapagkuwaring ito sa Allâh (ﷻ) sa kamay ng Kanyang Sugo bago mangyari ang Labanan sa '*Khandaq*,' na sila ay hindi tatakas kapag napaharap sila sa labanan at hindi sila mag-aatubili kapag sila ay inanyayahan tungo sa '*Jihâd*,' subali't sinira nila ang kanilang kasunduan, at walang pag-aalinlangang sisingilin sila ng Allâh (ﷻ) at tatanungin sila hinggil dito, at ang Pangako nila sa Allâh (ﷻ) ay tiyak na Kanyang itatanong at isisingil.



16. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), na mga mapagkunwari: "*Kailanman ay wala kayong mapapalang kapakinabangan sa pagtakas sa labanan dahil sa natatakot kayong mamatay o di kaya ay mapatay*; *dahil hindi ninyo maiaantala ang anuman na itinakda Niyang kamatayan para sa inyo*, *at kahit tumakas pa kayo ay hindi ninyo maisasagawa ang kasiyahan dito sa daigdig maliban sa kung ano ang itinakda sa inyo na limitadong buhay*, *na ito ay napakaikling panahon lamang kung ihahambing sa buhay sa Kabilang-Buhay.*"

17. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Sino pa kaya ang makapangangalaga sa inyo mula sa Allâh* (ﷻ) *o di kaya ay sino ang makapagliligtas sa inyo mula sa Kanyang kaparusahan kung nanaisin ng Allâh* (ﷻ) *ang kapinsalaan sa inyo*, *o kung nanaisin Niya ang habag sa inyo*, *dahil ang nagkakaloob*, *pumipigil*, *nagsasanhi ng kapinsalaan o nagdudulot ng kapakinabangan ay bukod-tanging Siya lamang?*" At wala nang matatagpuan sila na mga mapagkunwari bukod sa Allâh (ﷻ), para sa kanilang mga sarili bilang '***Walee***' – Tagapangalaga o makatutulong.

18. Katiyakan, batid ng Allâh (ﷻ) ang sinumang umaatras sa '*Jihâd*' sa Daan ng Allâh at ang mga nagsasabi sa kanilang mga kapatid: "*Halina sumama kayo sa amin at pabayaan ninyo si Muhammad*, *at huwag kayong makipaglaban kasama niya*; *dahil natatakot kami na mamatay kayo pagkamatay niya.*" At sa ganitong pag-aalinlangan at karuwagan ay walang nagsitungo sa kanila sa pakikipaglaban kundi kakaunti lamang; bilang '*Riyâ*`' (pagpapakitang-tao) para mapamalita lamang na sila ay sumama at pagkatakot sa kahihiyan.

19. Sila ay mga maramot sa inyo, O kayong mga mananampalataya, ng kanilang kayamanan, sarili, pagtitiyaga at pagmamahal, dahil ang nasa kanilang mga puso ay galit at pagkainggit; at pagmamahal ng buhay sa daigdig at pagkatakot mamatay, at

kapag nangyari ang labanan ay natatakot silang mamatay at nakikita mo sila na nakatingin sa iyo na umiikot ang kanilang paningin sa pagkawala nila sa kanilang sarili dahil sa takot mamatay at paghahangad na tumakas, na parang pag-ikot ng paningin ng isang naghihingalo, at kapag natapos na ang labanan at nawala na sa kanila ang takot ay pagsasalitaan nila kayo ng mga masasamang salita na nakasasakit ng kalooban at makikita mo sila habang hinahati-hati ang '*Ghanâim*' na mga maramot at mapag-imbot, na kung kaya, sila ang mga yaong walang pananampalataya sa kanilang mga puso, na inalis ng Allâh (ﷻ) ang gantimpala ng kanilang mga gawain (nawalan ng kabuluhan) at ito ay napakadali para sa Allâh (ﷻ).

20. Iniisip ng mga mapagkunwari na ang mga '*Al-Ahzâb*' (ang grupo na nagsama-sama upang kubkubin at ubusin ang mga mananampalataya) na tinalo ng Allâh (ﷻ) nang masamang pagkatalo ay hindi pa nakaalis; dahil sa tindi ng kanilang takot at karuwagan, na kahit na bumalik pa ang mga grupong ito na mga sundalo sa Madinah ay aasamin pa rin ng mga mapagkunwari na sana ay nakaalis sila ng Madinah at nandoroon na sila sa mga malalayong lugar ng mga Bedouin na gumagala-gala na sumasagap na lamang ng mga balita hinggil sa inyo, at kahit na kasama pa ninyo sila ay walang makikipaglaban sa kanila na kasama ninyo kundi kakaunti lamang; dahil sa tindi ng kanilang karuwagan at hina ng kanilang kalooban.

21. Katiyakan, para sa inyo, O kayong mga mananampalataya, sa mga sinasabi ng Sugo ng Allâh (ﷺ), sa kanyang mga ginagawa at kaugalian ay mabuting halimbawa na dapat ninyong pamarisan, na kung kaya, magpakatatag kayo sa kanyang '*Sunnah*' dahil ang sumusunod lamang at gumagaya nito ay ang sinumang naghahangad na makatagpo ang Allâh (ﷻ) at ang mabuting gantimpala sa Kabilang-Buhay, at palaging pumupuri sa Allâh (ﷻ) at humihingi ng kapatawaran at nagpapasalamat sa Kanya sa lahat ng pagkakataon.

22. At nang masaksihan ng mga mananampalataya ang pagtitipun-tipon ng maraming grupo sa paligid ng Madinah at nakapalibot sila roon, ay napagtanto nila na ang pangako ng Allâh (ﷻ) na tagumpay ay malapit na at sinabi nila: "*Ito ang ipinangako ng Allâh* (ﷻ) *at ng Kanyang Sugo na pagsubok*, *paghihirap at tagumpay*, *at tinupad na ng Allâh* (ﷻ) *ang Kanyang Pangako at totoo ang Kanyang Sugo sa Kanyang magandang balita.*" At walang nairagdag sa kanila sa pagkakita nila ng mga grupong ito kundi karagdagang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagsuko sa Kanyang pinagpasiyahan at pagpapasailalim sa Kanyang kagustuhan.


مِّنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ رِجَالٌ صَدَقُوا۟ مَا عَٰهَدُوا۟ ٱللَّهَ عَلَيْهِ ۖ فَمِنْهُم مَّن
قَضَىٰ نَحْبَهُۥ وَمِنْهُم مَّن يَنتَظِرُ ۖ وَمَا بَدَّلُوا۟ تَبْدِيلًا ﴿٢٣﴾ لِّيَجْزِىَ
ٱللَّهُ ٱلصَّٰدِقِينَ بِصِدْقِهِمْ وَيُعَذِّبَ ٱلْمُنَٰفِقِينَ إِن شَآءَ
أَوْ يَتُوبَ عَلَيْهِمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿٢٤﴾ وَرَدَّ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ
كَفَرُوا۟ بِغَيْظِهِمْ لَمْ يَنَالُوا۟ خَيْرًا ۚ وَكَفَى ٱللَّهُ ٱلْمُؤْمِنِينَ ٱلْقِتَالَ ۚ
وَكَانَ ٱللَّهُ قَوِيًّا عَزِيزًا ﴿٢٥﴾ وَأَنزَلَ ٱلَّذِينَ ظَٰهَرُوهُم مِّنْ
أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ مِن صَيَاصِيهِمْ وَقَذَفَ فِى قُلُوبِهِمُ ٱلرُّعْبَ
فَرِيقًا تَقْتُلُونَ وَتَأْسِرُونَ فَرِيقًا ﴿٢٦﴾ وَأَوْرَثَكُمْ أَرْضَهُمْ
وَدِيَٰرَهُمْ وَأَمْوَٰلَهُمْ وَأَرْضًا لَّمْ تَطَـُٔوهَا ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ
شَىْءٍ قَدِيرًا ﴿٢٧﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ قُل لِّأَزْوَٰجِكَ إِن كُنتُنَّ تُرِدْنَ
ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا وَزِينَتَهَا فَتَعَالَيْنَ أُمَتِّعْكُنَّ وَأُسَرِّحْكُنَّ
سَرَاحًا جَمِيلًا ﴿٢٨﴾ وَإِن كُنتُنَّ تُرِدْنَ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ وَٱلدَّارَ
ٱلْءَاخِرَةَ فَإِنَّ ٱللَّهَ أَعَدَّ لِلْمُحْسِنَٰتِ مِنكُنَّ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿٢٩﴾
يَٰنِسَآءَ ٱلنَّبِىِّ مَن يَأْتِ مِنكُنَّ بِفَٰحِشَةٍ مُّبَيِّنَةٍ يُضَٰعَفْ
لَهَا ٱلْعَذَابُ ضِعْفَيْنِ ۚ وَكَانَ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرًا ﴿٣٠﴾

23. Mayroon sa mga mananampalataya ang mga kalalakihan na tinupad nila ang kanilang pangako sa Allâh (ﷻ) at nagtiis sila sa mga pagsubok na nangyari sa kanilang mga sarili at sa kanilang mga kayamanan sa oras ng pagsubok: mayroon sa kanila na natupad ang kanyang pangako at siya ay namatay sa Daan ng Allâh, at mayroon sa kanila ang nag-aabang ng isa sa dalawang kabutihan: tagumpay o di kaya ay pagkamatay sa labanan sa Daan ng Allâh, at hindi nila binago ang pangako nila sa Allâh (ﷻ) at hindi nila ito sinira ni pinalitan man na tulad ng ginawa ng mga mapagkunwari.

24. Nang sa gayon ay gantimpalaan ng Allâh (ﷻ) ang mga matatapat dahil sa kanilang katapatan at sa mga pagsubok sa kanila na sila ay ang mga yaong mananampalataya, at parusahan ang mga mapagkunwari kung nais Niya na sila ay parusahan sa pamamagitan ng hindi paggabay sa kanila tungo sa totoong pagsisisi bago sila mamatay at sila ay mamamatay na walang pananampalataya na karapat-dapat sa Impiyernong-Apoy, o di kaya ay patatawarin sila na sila ay gagabayan tungo sa pagsisisi at pagbabalik-loob. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa kasalanan ng mga nagmalabis laban sa kanilang mga sarili kapag sila ay nagsipagsisi, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila; dahil sila ay ginabayan sa makatotohanang pagsisisi.

25. At itinaboy ng Allâh (ﷻ) ang maraming grupo ng mga walang pananampalataya mula sa Madinah na mga hamak, talunan at poot sa kanilang mga sarili, dahil wala silang nakamtan na kabutihan dito sa daigdig at gayundin sa Kabilang-Buhay. At naging sapat na ang Allâh (ﷻ) para sa mga mananampalataya sa kanilang labanan dahil sa Kanyang pagkaloob sa kanila ng mga kaparaanan para magwagi. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Qawee***' – Pinakamalakas na hindi nagagapi, na ''***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang pagmamay-ari at kaharian.

26. At pinababa ng Allâh (ﷻ) ang mga Hudyo na mula sa Banu Quraydah sa kanilang mga kuta; na siyang nakipagtulungan sa mga grupo ng mga walang pananampalataya sa pakikipaglaban sa mga Muslim at inilagay ng Allâh (ﷻ) ang pagkatakot sa kanilang mga puso at natalo sila; pinatay ninyo ang ilan mula sa grupo nila at binihag naman ninyo ang iba.

27. At sinanhi ng Allâh (ﷻ) na manahin ninyo ang kanilang mga lupain at mga tahanan, at gayundin ang kanilang mga yaman na tulad ng mga alahas, sandata at mga hayop, at gayundin ang mga nakatigil na kayamanan na tulad ng kanilang sakahan, mga tahanan at mga matitibay na mga kuta, at ipinamana rin sa inyo ang lugar na di pa ninyo nayapakan (o nararating) noon; dahil sa ito ay guwardyado, nakabakod at napakahalaga sa nagmamay-ari nito. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay na Siya ang May Kakayahang gawin ang lahat ng bagay na walang sinuman ang makagagapi sa Kanya.

28. O Propeta! Sabihin mo sa mga asawa mo na sila ay nagtipun-tipon sa iyong harapan, na humihingi ng karagdagang panustos: "*Kung kayo ay nagnanais ng karangyaan ng buhay sa daigdig at ng kinang nito ay humarap kayo sa akin at pasisiyahin ko kayo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kakaunting makamundong bagay na mayroon ako at bibigyan ko kayo ng laya* (*o makikipaghiwalay*) *ako sa inyo sa kaparaanan na napakahusay.*

29. "*At kung nais naman ninyo ang pagmamahal ng Allâh* (ﷻ) *at pagmamahal ng Kanyang Sugo at ang anumang inihanda ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo sa Kabilang-Buhay ay pagtiisan ninyo ang anuman na mayroon kayo*, *at sumunod kayo sa Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang Sugo dahil sa ang Allâh* (ﷻ) *ay inihanda Niya para sa mga mabubuti mula sa inyo ang dakilang gantimpala – at sa katunayan ay pinili nila ang Allâh* (ﷻ) *at ang Kanyang Sugo*, *at ang anumang inihanda para sa kanila sa Kabilang-Buhay*."

30. O kayong mga asawa ng Propeta! Sino man sa inyo ang makagawa ng malinaw na kasalanan ay dodoblehin sa kanya ang kaparusahan. Na dahil sa inyong mataas na antas sa paningin ng Allâh (ﷻ) ay ipinantay din Niya ang pagbibigay ng matinding parusa sa sinumang nakagawa ng kasalanan sa inyo; bilang proteksiyon sa inyong karangalan at karangalan ng Sugo ng Allâh (ﷺ). At ang pagpaparusang ito ay napakadali lamang para sa Allâh (ﷻ).

31. At sinuman sa inyo ang susunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at gumawa ng anumang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) na kabutihan ay pagkakalooban Namin siya ng dobleng gantimpala sa kanyang gawa na higit kaysa sa ibang kababaihan, at inihanda Namin sa kanya ang marangal na kabuhayan na ito ay ang '*Al-Jannah*' (Hardin).

32. O mga asawa ng Propeta! Hindi kayo katulad ng ibang mga kababaihan sa antas at karangalan. Kapag pinanatili ninyo ang takot sa Allâh (ﷻ), samakatuwid ay huwag kayong makipag-usap nang malumanay na pananalita sa mga kalalakihan (na hindi ninyo '*Mahram*') upang hindi mahumaling ang puso ng inyong mga kausap sa inyo, at ito ay obligadong pag-uugali sa lahat ng kababaihan na naniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kabilang-Buhay, at magsalita kayo sa marangal na kaparaanan na pakikipag-usap na malayo mula sa anumang masamang paghihinala, na hindi ipinagbabawal ng batas.

33. At manatili kayo sa inyong mga tahanan at huwag kayong lumabas mula rito kung hindi kinakailangan, at huwag ninyong ilantad ang inyong mga kagandahan na tulad ng mga kababaihan noong una na kapanahunan ng kamangmangan bago dumating[55] ang Islâm na dala-dala ni Propeta Muhammad (ﷺ), na katulad din ng ginagawa sa kapanahunan ngayon ng mga kababaihan: mga nakadamit subali't parang nakahubad dahil nababakas ang hugis ng katawan na naglalantad ng kanilang kagandahan.

At isagawa ninyo ang '*Salâh*' sa tamang oras sa ganap na kabuuan nito, at ibigay ninyo ang '*Zakâh*' – obligadong kawanggawa na katulad ng pag-uutos ng Allâh (ﷻ), at sumunod kayo sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo sa anumang pag-uutos at

[55]Naipaliwanag na ang hinggil sa paksang ito, mangyari lamang ay tingnan sa pahina 68, kabanata '***Al-Baqarah***,' '*Âyah*' o talata 210, talababâ 16.

pagbabawal, na samakatuwid, pinapayuhan kayo ng Allâh (ﷻ) ng ganito; upang linisin kayo at ilayo kayo mula sa kapahamakan, kasamaan, at pagiging masama, O kayong pamilya ng Propeta – na kabilang sa kanila ay ang mga asawa ng Propeta at kanyang mga anak – at lilinisin ang inyong mga kalooban ng paglilinis na pinakadalisay.

34. At alalahanin ninyo ang anuman na binibigkas sa inyong mga tahanan na mga Talata ng Allâh (ﷻ) na Qur'ân, at '*Hikmah*' – mga katuruan at kaparaanan ng Sugo ng Allâh (ﷺ), at isagawa ninyo at ibigay ninyo ang tamang karapatan para rito, dahil sa ito ay kabilang sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) sa inyo, katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Lateef***' – Kapita-Pitagan at Pinakadalubhasa na May Kakayahan na gawin ang lahat ng bagay para sa inyo dahil inilagay sa inyong mga tahanan ang binibigkas na mga talata ng Allâh (ﷻ) at ang '*Sunnah*,' na '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Tagapagmasid sa inyo na pinili Niya kayo bilang mga asawa ng Kanyang Sugo.

35. Katiyakan, ang mga kalalakihan at mga kababaihan na '*Muslim*' (nagpapasailalim sa kagustuhan ng Allâh), at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na mananampalataya, at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na masunurin sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na mga matatapat sa kanilang mga salita, at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na matiisin sa pamamagitan ng paglayo sa kanilang mga sariling pagnanasa at pagsunod sa kanilang mga sariling kagustuhan at matiisin sa anumang kahirapan na kanilang nararanasan, at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na may takot sa Allâh (ﷻ), at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na nagbibigay ng kawanggawa, obligado man o hindi, at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na nagsasagawa ng pag-aayuno, obligado man o hindi, at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na inaalagaan nila ang kanilang mga pribadong bahagi na hindi makagawa ng kahalayan at pakikiapid at kahit na ang umpisa lamang nito at hindi sila nagpapakita ng kanilang mga '*`Awrah*,' at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na mga pumupuri nang labis sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng kanilang mga puso at mga dila – ang Allâh (ﷻ) ay naghanda para sa kanila ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at dakilang gantimpala na ito ay '*Al-Jannah*' (Hardin).


وَمَا كَانَ لِمُؤْمِنٍ وَلَا مُؤْمِنَةٍ إِذَا قَضَى اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَمْرًا أَن يَكُونَ
لَهُمُ الْخِيَرَةُ مِنْ أَمْرِهِمْ ۗ وَمَن يَعْصِ اللَّهَ وَرَسُولَهُ فَقَدْ ضَلَّ ضَلَالًا
مُّبِينًا ﴿٣٦﴾ وَإِذْ تَقُولُ لِلَّذِي أَنْعَمَ اللَّهُ عَلَيْهِ وَأَنْعَمْتَ عَلَيْهِ
أَمْسِكْ عَلَيْكَ زَوْجَكَ وَاتَّقِ اللَّهَ وَتُخْفِي فِي نَفْسِكَ مَا اللَّهُ
مُبْدِيهِ وَتَخْشَى النَّاسَ وَاللَّهُ أَحَقُّ أَن تَخْشَاهُ ۖ فَلَمَّا قَضَىٰ زَيْدٌ
مِّنْهَا وَطَرًا زَوَّجْنَاكَهَا لِكَيْ لَا يَكُونَ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ حَرَجٌ فِي
أَزْوَاجِ أَدْعِيَائِهِمْ إِذَا قَضَوْا مِنْهُنَّ وَطَرًا ۚ وَكَانَ أَمْرُ اللَّهِ مَفْعُولًا
﴿٣٧﴾ مَّا كَانَ عَلَى النَّبِيِّ مِنْ حَرَجٍ فِيمَا فَرَضَ اللَّهُ لَهُ ۖ سُنَّةَ اللَّهِ فِي
الَّذِينَ خَلَوْا مِن قَبْلُ ۚ وَكَانَ أَمْرُ اللَّهِ قَدَرًا مَّقْدُورًا ﴿٣٨﴾ الَّذِينَ
يُبَلِّغُونَ رِسَالَاتِ اللَّهِ وَيَخْشَوْنَهُ وَلَا يَخْشَوْنَ أَحَدًا إِلَّا اللَّهَ ۗ وَكَفَىٰ
بِاللَّهِ حَسِيبًا ﴿٣٩﴾ مَّا كَانَ مُحَمَّدٌ أَبَا أَحَدٍ مِّن رِّجَالِكُمْ وَلَٰكِن
رَّسُولَ اللَّهِ وَخَاتَمَ النَّبِيِّينَ ۗ وَكَانَ اللَّهُ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمًا ﴿٤٠﴾
يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اذْكُرُوا اللَّهَ ذِكْرًا كَثِيرًا ﴿٤١﴾ وَسَبِّحُوهُ بُكْرَةً
وَأَصِيلًا ﴿٤٢﴾ هُوَ الَّذِي يُصَلِّي عَلَيْكُمْ وَمَلَائِكَتُهُ لِيُخْرِجَكُم
مِّنَ الظُّلُمَاتِ إِلَى النُّورِ ۚ وَكَانَ بِالْمُؤْمِنِينَ رَحِيمًا ﴿٤٣﴾

36. At hindi marapat sa sinumang mananampalataya, lalaki man o babae, na kapag nagpasiya ang Allâh (ﷻ) at ang Kanyang Sugo para sa kanila ng isang kapasiyahan bilang batas ay lalabag sila, na pipiliin nila ang anumang hindi pinagpasiyahan para sa kanila. At ang sinumang lalabag sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo ay walang pag-aalinlangang lumayo sa Tamang Landas nang malinaw na pagkakalayo.

37. At tandaan noong sinabi mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanya – na biniyayaan ng Allâh (ﷻ) ng Islâm, na siya ay si Zayd Ibnu Harithah na pinalayang-alipin at inampon ng Propeta – at biniyayaan siya sa pamamagitan ng pagpapalaya sa kanya: "*Panatilihin mo ang iyong asawa na si Zainab Bint* (*anak ni*) *Jahsh na huwag mong hiwalayan*, *at katakutan mo ang Allâh* (ﷻ), *O Zayd!*" Subali't kinikimkim mo sa iyong sarili, O Muhammad, ang anumang ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa iyo, na paghiwalay ni Zayd sa kanyang asawa at pagkatapos ay ibibigay Niya siya sa iyo bilang iyong asawa, at ang Allâh (ﷻ) ay inilantad Niya ang anumang kinimkim mo, at natatakot ka sa mga taong mapagkunwari na sasabihin nila: "*Pinakasalan ni Muhammad ang hiniwalayan ng kanyang inampon*," gayong ang Allâh (ﷻ) ang Siyang higit na may karapatan na dapat mong katakutan.

At nang naisakatuparan na ni Zayd ang kanyang pangangailangan sa kanya bilang asawa, at hiniwalayan na niya at natapos na ang panahon na dapat na makalipas pagkatapos ng paghihiwalay ay ipinakasal Namin siya sa iyo, upang ipakita ang katotohanan na sila ay walang ugnayang magkamag-anak (hindi sila mag-ama); nang sa gayon, ikaw ay maging halimbawa sa pag-alis ng kinaugalian na pagbabawal ng pag-aasawa sa asawa ng inampon pagkatapos niya itong hiwalayan, at ito ay hindi magiging kasalanan sa mga mananampalataya na pakakasalan nila ang mga napangasawa ng sinuman na kanilang inampon na mga kalalakihan pagkatapos nila itong hiwalayan, kapag naisakatuparan na nila sa kanilang mga asawa ang kanilang pangangailangan bilang asawa.

At ang kagustuhan ng Allâh (ﷻ) ay katiyakang magaganap, na walang sinuman ang makahaharang at makapipigil sa Kanya.

38. Hindi kasalanan sa Propeta na si Muhammad (ﷺ) sa ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) sa kanya na mapangasawa niya ang naging asawa ng kanyang inampon pagkatapos itong hiwalayan, na katulad ng pagpapahintulot sa mga naunang Propeta bago ang pagkakapadala sa kanya, na ito ay batas ng Allâh (ﷻ) noon pa man sa mga naunang tao, at ang pag-aatas ng Allâh (ﷻ) ay itinakda na karapat-dapat na maisakatuparan.

39. Ang mga yaong ipinarating ang mensahe ng Allâh (ﷻ) sa sangkatauhan at natakot sila sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi, na wala silang kinatatakutan na sinuman bukod sa Kanya. At sapat na ang Allâh (ﷻ) bilang Tagapaghukom sa Kanyang mga alipin sa lahat ng kanilang mga gawain at Tagapagmasid sa kanila.

40. Si Muhammad (ﷺ) ay hindi ama ng kahit na sinuman sa inyo na mga kalalakihan, kundi siya ay Sugo ng Allâh at ang pinakaselyado o pinakahuli sa lahat ng mga Propeta, kaya wala nang Propetang isusugo pagkatapos niya hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At ang Allâh (ﷻ) ang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay na inyong ginagawa at walang anuman ang naililihim sa Kanya.

41-42. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, purihin ninyo ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng inyong puso at mga dila at buo ninyong pangangatawan nang maraming papuri, maging abala kayo sa mga oras ninyo sa pagpuri sa Allâh (ﷻ) sa umaga at hapon, at pagkatapos ng inyong mga obligadong '*Salâh*,' at sa mga pagbabago ng mga pangyayari at mga kadahilanan, dahil ito ay ipinag-uutos bilang pagsamba sa Allâh, na nag-aakay tungo sa pagmamahal ng Allâh (ﷻ), at pagpigil sa dila sa anumang pagsasabi ng mga kasalanan at nag-aakay tungo sa paggawa ng lahat ng kabutihan.

43. Siya ang Allâh (ﷻ) na nagmamahal at pumupuri at nagpaparangal sa inyo, at nananalangin din para sa inyo ang Kanyang mga anghel; upang alisin kayo mula sa kadiliman ng kamangmangan at pagkaligaw tungo sa Liwanag ng Islâm, at ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Mapagmahal sa mga mananampalataya sa daigdig at Kabilang-Buhay, at hindi Niya sila pinaparusahan hanggang sila ay sumusunod na dalisay ang kanilang mga layunin.



44. Ang pagbabatian para sa kanila na mga mananampalataya mula sa Allâh (ﷻ) sa '*Al-Jannah*' (Hardin) sa Araw na makatatagpo nila ang Allâh (ﷻ) ay '*Salâm*' (kapayapaan), at kaligtasan para sa kanila mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ). At walang pag-aalinlangang inihanda ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang masaganang gantimpala na ito ay '*Al-Jannah*' – Hardin.

45-46. O Propeta! Katiyakan, ipinadala ka Namin bilang testigo sa iyong sambayanan na naiparating mo sa kanila ang mensahe, at isang tagapagdala ng magandang balita sa mga mananampalataya hinggil sa Habag ng Allâh (ﷻ) at Kanyang '*Al-Jannah*' (Hardin), at isang tagapagbabala sa mga masasama at walang pananampalataya hinggil sa Impiyernong-Apoy, at nag-aanyaya tungo sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya bilang pag-uutos Niya nito sa iyo, at bilang isang ilawan na kumakalat na liwanag sa sinumang nagnanais na maliwanagan nito, na kung kaya, ang gawain mo ay malinaw sa anumang dala-dala mong katotohanan na kasingliwanag ng sikat ng araw, na walang sinumang tatanggi nito maliban sa isang nagmamatigas.

47. At ipahayag mo, O Muhammad (ﷺ), ang magandang balita para sa mga mananampalataya na ang para sa kanila mula sa Allâh (ﷻ) ay Dakilang Gantimpala na ito ay mga Hardin sa parang sa '*Al-Jannah*.'

48. At huwag mong sundin, O Muhammad (ﷺ), ang mga walang pananampalataya at mga mapagkunwari sa kanilang sinasabi at huwag mo silang pagtuunan ng pansin, at hindi sila makahahadlang sa pagpaparating mo ng mensahe, at magtiwala ka nang buung-buo sa Allâh (ﷻ) sa lahat ng iyong gawain at ipaubaya mo ang iyong sarili sa Kanya; dahil Siya sa katunayan ay sapat na sa iyo bilang '*Wakeel*' – Tagapangalaga sa anumang iyong pasanin hinggil sa mga bagay na makamundo at sa Kabilang-Buhay.

49. O kayong mga naniwala sa Allâh, sa Kanyang Sugo at sumunod sa Kanyang batas! Kapag kayo ay nagpakasal sa mga mananampalatayang kababaihan at hindi nangyari ang pagtatalik sa kanila pagkatapos at hiniwalayan ninyo sila nang hindi ito nangyari, ay wala na kayong karapatan sa kanila na magkaroon pa ng '*Iddah*' (nakatakdang panahon ng paghihintay) bago sila maaaring makapag-asawang muli. Na kung kaya, bigyan ninyo sila mula sa inyong mga yaman bilang pagpapasaya sa kanila na nababatay sa inyong kakayahan, na bilang pampalubag-loob din sa kanila, at bigyan ninyo sila ng kalayaan sa napakahusay na kaparaanan at ilihim ninyo ang pangyayari hanggang maaari, na sila ay hindi mapapahiya ni mapapahamak man.

50. O Propeta! Katiyakan, ipinahintulot Namin sa iyo ang iyong mga asawa, na kung saan naibigay mo sa kanila ang kanilang mga '*Mahr*,' at gayundin ipinahintulot din Namin sa iyo ang sinumang babae na naging alipin mo mula sa mga ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) na biyaya sa iyo, at ipinahintulot din Namin sa iyo na mapangasawa ang mga anak na babae ng iyong tiyuhin sa ama at ang mga anak na babae ng iyong tiyahin sa ama, at ang mga anak na babae ng iyong tiyuhin sa ina at ang mga anak na babae ng iyong tiyahin sa ina na nangibang-bayan kasama ka, at ipinahintulot din Namin sa iyo na mapangasawa ang sinumang mananampalatayang babae na inialok niya bilang mapapangasawa ang kanyang sarili sa iyo nang walang anumang '*Mahr*' kung nais mo na siya ay iyong mapangasawa, at ang ganitong panuntunan ay para lamang sa iyo, subali't hindi maaari sa iba na pakakasalan nila nang walang '*Mahr*' ang babaeng nag-alok ng kanyang sarili bilang mapapangasawa.

Katiyakan, batid Namin kung ano ang Aming ipinag-utos sa mga mananampalataya hinggil sa kanilang mga asawa at sa kanilang mga alipin, na sila ay hindi maaaring makapag-asawa nang higit sa apat na mga kababaihan, at bukod dito ay sa sinuman na kanilang nais mula sa kanilang mga alipin at bilang itinala na panuntunan ay ang '*Walee*' (tagapangalaga ng babae), '*Mahr*' at saksi, subali't ikaw sa bagay na ito ay pinahintulutan ka Namin, na ipinahintulot Namin sa iyo ang hindi Namin ipinahintulot sa iba; upang hindi ka magdamdam hinggil sa pag-aasawa sa sinumang nais mong pakasalan mula sa mga ganitong uri ng mga kababaihan. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng Kanyang mga alipin na mga mananampalataya, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang pagiging mapagbigay sa kanila at pagiging napakamaawain.



51. Maaari mong iantala ang sinuman na iyong nais mula sa iyong asawa hinggil sa kanyang karapatan na bahagi ng panahon na para sa kanya na ikaw ay makikitulog sa kanya, at isinasama mo sa iyong paglalakbay ang sinuman na iyong nais sa kanila, at sinuman ang nais mo na iyong inantala mula sa kanila ang kanyang karapatan na panahon, ay wala kang kasalanan hinggil sa bagay na ito, dahil itong ginawa mong pagpili ay mas malapit doon sa kanilang kasiyahan at hindi sila nagdalamhati, na masiyahan silang lahat sa anumang pagbaha-bahagi ng panahon na ginawa mo sa kanila. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakaaalam sa mga puso ng mga kalalakihan kung sino ang mas malapit sa kanila mula sa kanilang mga asawa na higit kaysa sa iba. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa niloloob ng mga puso, na ‘***Haleem***’ – Ganap na Maunawain na hindi Niya minamadali ang parusa sa sinumang lumabag sa Kanya.

52. Hindi na ipinahintulot sa iyo na mapangasawa ang ibang mga kababaihan pagkatapos nito at maging ang mga yaong ipinahintulot Namin sa iyo – na sila ay ang mga yaong nabanggit sa ika-50 talata ng parehong kabanata – at ang sinumang nasa ilalim ng iyong pangangalaga na mga asawa mo mula sa mga kababaihan na nabanggit ay hindi mo maaaring hiwalayan at mag-asawa ka ng iba bilang kapalit nila, kahit na ang ganda pa nito ay kaakit-akit sa iyo, subali’t ang pag-aasawa bilang karagdagan sa mga asawa mo na hindi ka gagawa ng paghiwalay ng kahit na isa sa kanila ay walang kasalanan para sa iyo, at sinumang nasa ilalim ng iyong pangangalaga na pagmamay-ari mong alipin ay ipinahintulot sila sa iyo na mapangasawa kung ito ay nais mo. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Raqeeb***’ – Ganap na Tagapagmasid sa lahat ng bagay nang sabay-sabay sa lahat ng pagkakataon na walang anuman ang naililihim sa Kanyang Kaalaman.

53. O kayong mga naniwala sa Allâh, sa Kanyang Sugo at sumunod sa Kanya! Huwag kayong pumasok sa mga tahanan ng Propeta, maliban sa kung ibinigay sa inyo ang pahintulot para sumalo kayo sa pagkain, at hindi nararapat na masyadong kayong maaga roon na matatagalan pa kayo sa paghihintay para sa paghahanda nito.

Na kung kaya, kapag inanyayahan kayo ay pumasok kayo, at kapag natapos na kayong kumain ay umalis na kayo kaagad na hindi na kayo kinakailangan pang makihalubilo na mag-uusap-usap kayo sa isa't isa; dahil ang inyong karagdagang pananatili ay hindi kaiga-igaya sa Propeta, subali't siya ay nahihiya na paalisin kayo mula sa kanyang mga tahanan kahit na ito ay kanya pang karapatan, at ang Allâh (ﷻ) ay hindi nahihiya na linawin ang katotohanan at ilantad ito.

At kapag tinanong ninyo ang mga asawa ng Propeta hinggil sa anumang pangangailangan mula sa mga kagamitan sa bahay at iba pa ay magtanong kayo mula sa kabila ng tabing (kayo ay nasa kabila ng tabing); dahil ito ang mas nakalilinis sa inyong mga puso at sa kanilang mga puso mula sa anumang sumasagi sa mga kalalakihan na patungkol sa kababaihan at gayundin sa mga kababaihan na patungkol sa mga kalalakihan; dahil ang pagkikita ay nagiging dahilan ng '*Fitnah*' (kasalanan o kapahamakan). At hindi makatarungan na masaktan ninyo ang kalooban ng Propeta at kailanman ay hindi rin ninyo maaaring mapangasawa ang kanyang mga asawa pagkatapos ng pagkamatay niya, dahil sila ay inyong mga ina (sila ay itinuring ng Allâh na mga Ina ng mga Mananampalataya) at hindi maaari sa lalaki na mapangasawa niya ang kanyang ina, at ang anumang ikinasasama sa kalooban ng Propeta na mula sa inyo at pagpapakasal sa kanyang mga asawa pagkatapos niya silang mga naging asawa ay itinuturing na malaking kasalanan sa paningin ng Allâh (ﷻ). (Walang pag-aalinlangan, sumunod ang '*Ummah*' na ito sa pag-uutos at umiwas sa anumang ipinagbabawal ng Allâh).

54. Kung ilalantad ninyo ang anumang bagay sa pamamagitan ng inyong pananalita, O kayong mga tao, na nakasasakit sa Sugo ng Allâh mula sa ipinagbabawal sa inyo, o di kaya ay ilihim na lamang ninyo ang mga ito sa inyong mga sarili, walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Nakaaalam kung ano ang nasa sa inyong mga puso at kung ano ang inyong mga inilalantad, at ayon dito kayo ay Kanyang tutumbasan.



55. Walang kasalanan ang mga kababaihan kung sakaling hindi na sila mag-'*Hijab*' (magtalukbong ng kanilang mga ulo na bahagi lamang ng mukha ang nakalantad) sa pakikipagharap nila sa kanilang mga ama, mga anak, mga kapatid na kalalakihan, mga anak ng mga kapatid na kalalakihan, mga anak ng kapatid ng mga kababaihan, mga kababaihan na mga mananampalataya, at ang mga alipin na mga kalalakihan na sila ang nagmamay-ari dahil sa tindi ng pangangailangan nila sa mga ito para manilbihan sa kanila. At matakot kayo sa Allâh (ﷻ), O kayo na mga kababaihan, nang sa gayon ay makaiwas kayo sa paglabag sa hangganang itinakda Niya para sa inyo sa pamamagitan ng paglalantad ng inyong kagandahan doon sa mga ipinagbabawal sa inyo, o di kaya ay hindi kayo magsusuot ng '*Hijab*' sa harapan ng mga tao na dapat ay naka-'*Hijab*' kayo kapag sila ay inyong kaharap. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Shaheed***' – Ganap na Tagapagmasid sa lahat ng bagay, na Siya ang Saksi sa mga gawain ng Kanyang mga alipin, lantad at saka lihim, at ayon dito sila ay tutumbasan.

56. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay pinarangalan Niya ang Kanyang Propeta sa Kanyang mga malalapit na mga anghel, at gayundin ang Kanyang mga anghel ay pinupuri nila ang Propeta at nananalangin sila para sa kanya. O kayong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at sumunod sa Kanyang Batas, pumuri rin kayo at manalangin para sa Sugo ng Allâh, at magsagawa ng tunay na pagbati ng '*Salâm*' (kapayapaan) bilang pagbati at pagdakila sa kanya.

Ang pamamaraan ng ganitong pagpupuri, pananalangin para sa Propeta ay naitala sa '*Sunnah*' sa iba't ibang kalagayan at kaparaanan at kabilang rito; "*Al-la-hum-ma sal-li `a-lâ Muhammad wa `a-lâ â-li Muhammad ka-mâ sal-lay-ta `â-lâ Ibrâhim wa `a-lâ â-li Ibrâhim in-na-ka ha-mi-dun ma-jîd*, *Al-la-hum-ma bâ-rik `a-lâ Muhammad wa `a-lâ â-li Muhammad kamâ bâ-rak-ta `a-lâ Ibrâhim wa `a-lâ â-li Ibrâhim in-na-ka hamidun majîd*."

Ang pagkakasalin ng kahulugan: "*O Allah! Padalhan mo ng* '*Salât*' (*mga biyaya*, *mga karangalan at mga kagandahang-loob*) *si Muhammad at ang mga pamilya ni Muhammad, na tulad ng pagpadala Mo ng* '*Salât*' *kay Ibrâhim at sa mga pamilya ni Ibrâhim sapagka't Ikaw ang* '***Hameedun Majeed***:' '***Hameed***' *– Karapat-dapat sa lahat ng papuri na Ganap na Pinupuri sa Kanyang mga katangian at mga gawa sa lahat ng pagkakataon*, *na* '***Majeed***' *– Karapat-dapat sa lahat ng papuri na Ganap na Pinupuri sa Kanyang Kataas-Taasan at Karangalan sa lahat ng pagkakataon. O Allah! Padalhan mo ng mga biyaya si Muhammad at ang mga pamilya ni Muhammad*, *na tulad ng pagpapadala Mo kay Ibrâhim at sa mga pamilya ni Ibrâhim*, *sapagka't Ikaw ang* '***Hameedun Majeed***.'"

57. Katiyakan, yaong mga niyayamot nila ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pasagawa nila ng '*Shirk*' – pagsamba ng iba bukod sa Allâh o pagtatambal sa pagsamba, o di kaya ay sa pagsagawa nila ng iba pang mga kasalanan, at gayundin niyayamot nila ang Sugo ng Allâh sa pamamagitan ng kanilang mga salita o di kaya ay sa mga gawa, inilayo sila ng Allâh (ﷻ) at itinaboy mula sa anumang kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at inihanda para sa kanila sa Kabilang-Buhay ang masidhing kaparusahan na siyang magpapahamak sa kanila.

58. At gayundin, niyayamot nila ang mga mananampalatayang kalalakihan at kababaihan sa salita o sa gawa na wala naman silang nagawang kasalanan sa kanila, katiyakan, sinuman ang nakagawa nito ay nagkasala nang matinding pagsisinungaling at paninira at nakagawa sila ng malinaw na kasalanan na magiging dahilan ng pagpaparusa sa kanila sa Kabilang-Buhay.

59. O Propeta! Sabihin mo sa iyong mga asawa, sa iyong mga anak na kababaihan, at sa mga kababaihan na mga mananampalataya na takpan nila ang kanilang mga ulo at kanilang mga mukha hanggang sa bahagi ng kanilang mga kasuotan; upang matakpan ang kanilang mga mukha, mga dibdib at mga ulo; ito ang pinakamalapit upang sila ay maiba sa pamamagitan ng pagtakip at pangangalaga, upang hindi nila mailagay sa kapahamakan ang kanilang mga sarili o di kaya ay sa pagkayamot. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal na pinatatawad Niya kayo sa anuman na dati ninyong nagawa at kinaawaan kayo sa paglilinaw sa inyo ng ipinahintulot at ipinagbawal.

60-61. Kapag hindi tumigil ang mga yaong mapagkunwari na kinikimkim nila ang pagtanggi at inilalantad nila ang paniniwala at may mga pag-aalinlangan sa kanilang mga puso, at ang mga yaong nagkakalat ng kasinungalingan at maling balita sa siyudad ng Sugo ng Allâh – Madinah – mula sa kanilang pagiging masama at pamiminsala, ay gagapiin Namin sila, pagkatapos ay hindi na sila magkakaroon ng

kakayahan na manatili nang matagal na kasama mo bilang iyong kapitbahay. Na sila ay ipagtatabuyan mula sa Awa ng Allâh (ﷻ), at kung saan man sila matagpuan na lugar ay bihagin at patayin sila hangga't sa sila ay nananatili sa kanilang pagkukunwari at pagkalat ng mga paninira sa pagitan ng mga Muslim upang sirain at ipahamak sila.

62. Ito ang pamamaraan ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang pakikitungo sa mga mapagkunwari na mga naunang tao na sila ay binibihag at pinapatay kahit saan man sila naroroon, at hindi ka na makatatagpo ng anumang pagbabago, O Muhammad (ﷺ), sa batas ng Allâh (ﷻ).



63. Tinatanong ka ng mga tao, O Muhammad (ﷺ), patungkol sa pagkagunaw ng daigdig bilang pang-iinsulto at pagpapasinungaling, sabihin mo sa kanila: "*Katiyakan*, *ang kaalaman hinggil sa Oras ng pagkagunaw ng sandaigdigan ay nasa Allâh* (ﷻ) *lamang*. *Ano ba ang alam mo*, *O Muhammad*, *hinggil sa bagay na ito kung ito ba ay malapit nang mangyari? At ang lahat ng tiyak na darating ay katiyakang malapit na!*"

64-66. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay inilayo Niya sa Kanyang Awa rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay ang mga walang pananampalataya, at inihanda Niya para sa kanila ang Apoy na matindi ang init sa pagkakalagablab nito, na manatili sila roon magpasawalang-hanggan, at hindi na sila makatatagpo pa roon ng sinumang masasandalan at magtatanggol sa kanila, at hindi na rin sila makatatagpo ng tutulong sa kanila, upang sila ay ilabas sa Impiyerno. Sa Araw na pagbibiling-bilingin ang mga mukha ng mga walang pananampalataya sa Impiyernong-Apoy at kanilang sasabihin bilang pagsisisi at kalituhan: "*Sana ay sinunod namin ang Allâh at sinunod namin ang Kanyang Sugo sa daigdig*, *upang kami ay maging kabilang sa mga makapapasok sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*)."

67-68. At sasabihin ng mga walang pananampalataya sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katiyakan*, *sinunod namin ang aming mga pinuno sa pagkaligaw at ang mga nakatataas* (*o kinikilala*) *mula sa amin sa pagsamba ng iba*, *na kung kaya*, *inilihis nila kami mula sa Daan ng Gabay at Paniniwala. O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Parusahan Mo sila nang doble sa parusa na ipinaparusa Mo sa amin*, *at isumpa Mo sila at ilayo Mo sila mula sa Iyong Awa nang matinding pagkakalayo.*"

Narito sa talatang ito ang patunay na ang pagsunod sa iba bukod sa Allâh ay nangangahulugan ng paglabag sa Kanyang kautusan at sa kautusan ng Kanyang Sugo, na siyang tunay na dahilan ng pagkapoot at parusa ng Allâh (ﷻ), na kung kaya, ang

sumunod at saka ang yaong sinunod ay magkasama sa parusa, samakatuwid, mag-ingat ka bilang isang Muslim sa pagsunud-sunod.

69. O kayong mga naniwala sa Allâh, sundin ninyo ang Kanyang Sugo at huwag yamutin ang Sugo ng Allâh sa salita man o sa gawa, at huwag ninyong gayahin ang ginawa na pagyamot ng mga tao sa Propeta ng Allâh na si Mousã (عليه السلام) at iniligtas siya ng Allâh (ﷻ) at nilinis mula sa anuman na kanilang sinabi na paninira at pagsisinungaling, at dakila ang kanyang antas sa Allâh (ﷻ) at ang kanyang katayuan.

70. O kayong mga naniwala sa Allâh, sundin ninyo ang Kanyang Sugo at matakot kayo sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng di-paglabag sa Kanya, dahil kapag ito ay inyong ginawa ay magiging karapat-dapat kayo sa parusa, at magsalita kayo sa lahat ng inyong kalagayan at situwasyon nang matuwid na pananalita na walang anumang pagsisinungaling at kamalian.

71. Kapag kayo ay natakot sa Allâh (ﷻ) at naging tapat sa inyong pananalita ay itutuwid ng Allâh (ﷻ) para sa inyo ang inyong gawain, at patatawarin ang inyong mga kasalanan. At ang sinumang susunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo sa anuman na Kanyang pag-uutos at pagbabawal ay katiyakang magkakamit siya ng dakilang parangal dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

72. Katiyakan, inialok Namin ang '*Amânah*' – na ito ay pananagutan na ipinagkatiwala ng Allâh (ﷻ) sa mga may hustong gulang at talino, ang pagsagawa ng ipinag-uutos at pag-iwas sa mga ipinagbabawal – sa mga kalangitan, sa kalupaan at kabundukan, subali't tinanggihan nila itong pasanin at natakot sila na baka hindi nila ito maisagawa. Subali't tinanggap at pinasan ng tao ang pananagutan na ito at ito ay kanyang sinunod kahit na siya pa ay mahina, dahil walang pag-aalinlangan, matindi siya sa pang-aapi sa kanyang sarili at kamangmangan.

73. (At pinasan ng tao ang ipinagkatiwalang ito) upang parusahan ng Allâh (ﷻ) ang mga mapagkunwari na mga kalalakihan at mga kababaihan na inilalantad nila ang pagiging Muslim bilang pakitang-tao at inililihim nila ang pagtanggi sa Allâh (ﷻ), at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na mga nagtambal ng iba sa kanilang pagsamba sa Allâh, at patatawarin ng Allâh (ﷻ) ang mga kalalakihan at mga kababaihan na mga mananampalataya sa pamamagitan ng paglihim sa kanilang mga kasalanan at hindi na sila paparusahan pa. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa mga nagsisi mula sa Kanyang mga alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

سورة سبإ 34

XXXIV – Sûrat Saba`

[**Kabanata Saba`** – Sambayanan ng Saba`]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. Ang lahat ng papuri at ganap na pasasalamat ay para lamang sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi na Siya ang Nagmamay-ari ng lahat ng nasa mga kalangitan at nasa kalupaan. Siya lamang ang Nagmamay-ari ng pinakaganap na pagpuri sa Kabilang-Buhay, at Siya ay '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang gawain, na '***Al-Khabeer***' – ang Pinaka-dalubhasa at Ganap ang Kanyang Kagalingan hinggil sa Kanyang mga nilikha.

2. Batid Niya ang lahat ng pumapasok sa kalupaan mula sa mga patak ng tubig at ang anumang lumalabas mula rito na mga pananim, minahan at tubig, at ang anumang bumababa mula sa kalangitan na mga tubig-ulan, mga anghel at mga kapahayagan, at ang anumang umaakyat patungo roon na mga anghel at mga gawain ng Kanyang mga nilikha. Siya ay '***Ar-Raheem***' – ang Pinakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Kanyang mga alipin, na kung kaya, hindi Niya minamadali ang pagparusa sa mga nagkakasala mula sa kanila, na '***Al-Ghafour***' – ang Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng mga nagsisipagsisi at nananalig sa Kanya.

3-4. At sinabi ng mga walang pananampalataya na pinasinungalingan ang Pagkabuhay na Mag-uli: "*Hindi darating sa amin ang Oras ng pagkagunaw ng*

sandaigdigan.” Sabihin mo sa kanila, O Muhammad: “*Katiyakan*, *sumusumpa ako sa Allâh* (ﷻ) *na aking* ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha! Walang pag-aalinlangan na ito ay darating sa inyo*, *subali*’*t walang sinuman ang nakaaalam ng pagdating nito bukod sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang Ganap na Nakaaalam ng lahat ng lihim*, *na walang anumang naililihim sa Kanya na kahit na kasimbigat ng* ‘*atom*’ *sa liit sa mga kalangitan ni sa kalupaan man*, *at kahit mas maliit pa kaysa rito o malaki pa kaysa rito ay ganap sa kabatiran ng Allâh* (ﷻ) *na ito ay nakatala sa malinaw na kasulatan na ito ay ang* ‘*Al-Lawh Al-Mahfoudh*;’” upang gantimpalaan ang mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, at gumawa ng mga kabutihan. Ang para sa kanila ay kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at masaganang kabuhayan na ito ay ‘*Al-Jannah*’ (Hardin).

5. At ang mga yaong nagpunyagi para harangan ang Daan ng Allâh at pinasinungalingan ang Kanyang mga Sugo at siniraan ang Kanyang mga palatandaan, mga katibayan at mga rebelasyon, upang sila ay hadlangan, kailanman ay hindi nila malalamangan ang Allâh (ﷻ) – ang para sa kanila ay sukdulang kaparusahan at masidhing paghihirap.

6. At batid ng mga yaong pinagkalooban ng kaalaman na ang Dakilang Qur’ân na ipinahayag sa iyo mula sa Allâh (ﷻ) na iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha ay walang pag-aalinlangan na katotohanan, at nagpatnubay tungo sa Daan ng Allâh na ‘***Al-`Azeez***’ – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, kundi nasa ilalim ng Kanyang pagtatangan ang lahat ng bagay, na Siya ay ‘***Al-Hameed***’ – ang Nagmamay-ari ng lahat ng papuri na pinupuri sa Kanyang mga salita, mga gawa at batas, sa lahat ng pagkakataon.

7. At sinabi ng mga walang pananampalataya sa isa’t-isa bilang pangungutya: “*Ituturo ba namin sa inyo ang isang lalaki – na ang tinutukoy nila rito ay si Propeta Muhammad – na sinasabi sa inyo na kapag kayo ay namatay at naagnas na ang inyong mga katawan*, *ay walang pag-aalinlangan na bubuhayin pa kayo na mag-uli mula sa inyong mga libingan?*” Sinabi nila ito dahil sa kanilang matinding pagtanggi.



8. Siya ba ay nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh (ﷻ) o may kasiraan siya sa kanyang kaisipan, na kung kaya, nagsasalita siya ng bagay na hindi niya alam? Ang katotohanan ay hindi ang inaakala ng mga walang pananampalataya, kundi si Muhammad (ﷺ) ang pinakatotoo sa lahat ng mga totoo. At ang mga yaong hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay at hindi nagsasagawa ng paghahanda para rito ay nasa patuloy na parusa sa Kabilang-Buhay at napakalayo ang pagkaligaw mula sa katotohanan dito sa daigdig.

9. Hindi ba nakita ng mga walang pananampalataya na hindi naniniwala sa Kabilang-Buhay ang kakayahan ng Allâh (ﷻ) sa anumang nasa harapan nila at nasa likuran nila na kalangitan at kalupaan na kamangha-mangha, na itong dalawa ay nakapalibot sa kanila? Kung Aming nanaisin ay ipalalamon Namin sila sa kalupaan, na katulad ng ginawa Namin kay Qâroun o di kaya ay magpapababa Kami sa kanila ng parusa na katulad ng ginawa Namin sa sambayanan ni Shu`ayb; dahil walang pag-aalinlangan, pinaulanan Namin sila mula sa kalangitan ng apoy na sumunog sa kanila. Katiyakan, sa mga nabanggit Namin na ito mula sa Aming kapangyarihan ay malinaw na katibayan sa sinumang aliping nagbabalik-loob sa Kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang pagsisisi at paniniwala sa Kanyang Kaisahan at dalisay ang kanyang layunin sa pagsamba.

10. At katiyakan, ipinagkaloob Namin ang pagiging Propeta kay Dâwood (عليه السلام), at Aklat at Kaalaman, at sinabi Namin sa mga kabundukan at mga ibon: "*Luwalhatiin ninyo ang Allâh* (ﷻ) *na kasama siya! At pinalambot Namin para sa kanya ang bakal*, *na ito ay parang katulad ng minasang arina sa lambot na nagagawa niya ang anuman na naisin niya rito.*"

11. Sinasabing: "*Gumawa ka ng mga panangga na malalapad at nasa ganap na kaayusan*, *at ipatas mo ang mga ito sa mga butas ng mga kadenang bakal na*

kasuotang pandigma, *at huwag kang gumawa ng maliliit na kadena dahil sa magiging masikip ito sa paggalaw-galaw*, *na kung kaya*, *hindi mo ito maipapanangga upang makapagprotekta*, *at huwag mo namang gawing masyadong malaki dahil mabibigatan ka sa pagsuot nito*, *at gawin mo*, *O Dâwood*, *ikaw at ang iyong pamilya*, *ang pagsunod sa Allâh* (ﷻ). *At katotohanan*, *Ako ang* '***Baseer***' – *Ganap na Nakakakita sa lahat ng inyong mga ginagawa at walang anumang bagay ang naililihim sa Akin*."

12. At ipinasailalim Namin sa pangangasiwa ni Sulaymân (عليه السلام) ang hangin, na siya ay naglalakbay mula sa pagsikat ng araw hanggang tanghaling tapat na katulad ng isang buwan na paglalakbay, at mula sa kalagitnaan ng araw hanggang gabi ay katulad din ng isang buwan na paglalakbay sa karaniwang takbo ng panahon, at sinanhi Namin na tunawin ang tingga na katulad ng tubig, at nagagawa niya rito ang kung anuman ang kanyang nais, at ipinasailalim din Namin sa kanya ang mga '*Jinn*' na gumagawa sa kanyang harapan sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ), na kung kaya, sinuman ang tatanggi mula sa kanila sa Aming kautusan na Aming ipinag-utos sa kanila na pagsunod kay Sulaymân ay ipatitikim Namin sa kanya ang parusa sa Impiyerno na naglalagablab.

13. Gumagawa para kay Sulaymân ang mga '*Jinn*' ng anuman na kanyang nais na mga bahay-panalanginan at ang mga estatwa na gawa sa tingga bilang palamuti at salamin, mga malalaking kawa na kasinlaki ng imbakan na pinaglalagyan ng naipon na mga tubig, at mga malalaking lagayan ('*Qudûr*' – mga kaldero) na hindi nagagalaw sa mga kinalalagyan dahil sa laki nito, at Aming sinabi: "*O pamilya ni Dâwood! Isagawa ninyo ang pagpapasalamat sa Allâh* (ﷻ) *sa mga ipinagkaloob Niya sa inyo*, *na ito ay pagsunod sa Kanya at pagsagawa ng Kanyang mga ipinag-uutos*," subali't kakaunti lamang sa Aking mga alipin ang nagpapasalamat nang marami sa Akin, at si Dâwood (عليه السلام) at ang kanyang pamilya ay kabilang dito.

14. Nang Aming itinakda ang kamatayan kay Sulaymân (عليه السلام) ay walang nakabatid sa mga '*Jinn*' ng hinggil sa kanyang kamatayan kundi maliliit na uod ng kalupaan na unti-unting nginangatngat ang kanyang tungkod na hawak-hawak, at nang bumagsak si Sulaymân ay doon lamang nalaman ng mga '*Jinn*,' na kung alam lamang nila ang '*Ghayb*' (mga bagay na di-nakikita) ay hindi sila mananatili sa parusang kahamak-hamak at mabigat na gawain para sa kagustuhan ni Sulaymân; dahil sa inaakala nilang siya ay nanatili pang buhay.

Dito sa talatang ito ang pagwawalang-bisa sa paniniwala ng ilan sa mga tao na ang mga '*Jinn*' ay nakababatid ng mga '*Ghayb*;' dahil kung may alam lamang sila sa '*Ghayb*' ay mababatid nila ang pagkamatay ni Sulaymân at hindi sila mananatili sa kahamak-hamak na parusa.


لَقَدْ كَانَ لِسَبَإٍ فِي مَسْكَنِهِمْ ءَايَةٌ ۖ جَنَّتَانِ عَن يَمِينٍ وَشِمَالٍ ۖ
كُلُوا مِن رِّزْقِ رَبِّكُمْ وَاشْكُرُوا لَهُ ۚ بَلْدَةٌ طَيِّبَةٌ وَرَبٌّ غَفُورٌ ﴿١٥﴾
فَأَعْرَضُوا فَأَرْسَلْنَا عَلَيْهِمْ سَيْلَ الْعَرِمِ وَبَدَّلْنَاهُم بِجَنَّتَيْهِمْ
جَنَّتَيْنِ ذَوَاتَيْ أُكُلٍ خَمْطٍ وَأَثْلٍ وَشَيْءٍ مِّن سِدْرٍ قَلِيلٍ ﴿١٦﴾
ذَٰلِكَ جَزَيْنَاهُم بِمَا كَفَرُوا ۖ وَهَلْ نُجَازِي إِلَّا الْكَفُورَ ﴿١٧﴾
وَجَعَلْنَا بَيْنَهُمْ وَبَيْنَ الْقُرَى الَّتِي بَارَكْنَا فِيهَا قُرًى ظَاهِرَةً
وَقَدَّرْنَا فِيهَا السَّيْرَ ۖ سِيرُوا فِيهَا لَيَالِيَ وَأَيَّامًا آمِنِينَ ﴿١٨﴾
فَقَالُوا رَبَّنَا بَاعِدْ بَيْنَ أَسْفَارِنَا وَظَلَمُوا أَنفُسَهُمْ فَجَعَلْنَاهُمْ
أَحَادِيثَ وَمَزَّقْنَاهُمْ كُلَّ مُمَزَّقٍ ۚ إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَآيَاتٍ لِّكُلِّ صَبَّارٍ
شَكُورٍ ﴿١٩﴾ وَلَقَدْ صَدَّقَ عَلَيْهِمْ إِبْلِيسُ ظَنَّهُ فَاتَّبَعُوهُ إِلَّا
فَرِيقًا مِّنَ الْمُؤْمِنِينَ ﴿٢٠﴾ وَمَا كَانَ لَهُ عَلَيْهِم مِّن سُلْطَانٍ
إِلَّا لِنَعْلَمَ مَن يُؤْمِنُ بِالْآخِرَةِ مِمَّنْ هُو مِنْهَا فِي شَكٍّ ۗ وَرَبُّكَ
عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ حَفِيظٌ ﴿٢١﴾ قُلِ ادْعُوا الَّذِينَ زَعَمْتُم مِّن دُونِ
اللَّهِ ۖ لَا يَمْلِكُونَ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ فِي السَّمَاوَاتِ وَلَا فِي
الْأَرْضِ وَمَا لَهُمْ فِيهِمَا مِن شِرْكٍ وَمَا لَهُ مِنْهُم مِّن ظَهِيرٍ ﴿٢٢﴾

15. Katiyakan, mayroon sa sambayanan ni Saba` sa Yemen sa kanilang mga tahanan ang matibay na katibayan hinggil sa Aming kakayahan: dalawang hardin, isa sa gawing kanan at isa sa gawing kaliwa, (at sinabi sa kanila): "*Kumain kayo mula sa kabuhayan na nagmula sa inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at magpasalamat kayo sa Kanyang biyaya sa inyo*;" dahil ang inyong bayan ay masagana ang kalupaan at sariwa ang hangin, at ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang Ganap na Mapagpatawad sa inyo.

16-17. Subali't tinalikuran nila ang kautusan ng Allâh (ﷻ) at pagpapasalamat sa Kanya, at pinasinungalingan nila ang mga Sugo, na kung kaya, nagpadala Kami sa kanila ng matinding baha na nasira ang imbakan ng tubig ('*dam*') at nalunod ang kanilang dalawang hardin at pinalitan Namin ang kanilang dalawang hardin na namumunga ng masagana at matatamis na bunga, ng dalawang hardin na ang mga puno ay bumubunga ng mapapait na mga bunga, puno na maraming dahon na walang bunga, at kaunting puno ng '*Sidr*'[56] na maraming tinik. Itong pagpapalit mula sa mabuti patungo sa masama ay dahil sa kanilang di-paniniwala at di-pagtatanaw ng utang na loob sa mga Biyaya ng Allâh (ﷻ), at hindi Kami nagpaparusa ng ganitong parusa kundi sa mga matitindi lamang ang kanilang pagtanggi at paglabag, dahil ang pagtutumbas ay batay lamang sa kung ano ang kanilang ginawa.

18. At gumawa Kami sa pagitan ng mga taga-Saba` – na ito ay sa Yemen – at mga bayan na Aming biniyayaan – na ito ay Sham – ng mga siyudad na magkakadikit-dikit na nakikita ng isa't isa, at ginawa Namin ang paglalakbay doon nang madali mula sa tahanan tungo sa isang tahanan nang walang kahirapan, at sinabi Namin sa kanila: "*Maglakbay kayo sa mga bayan na ito sa anumang oras na inyong nais*, *sa gabi man o sa araw*, *na kayo ay mapayapa na walang anumang kalaban na kinatatakutan at walang anumang gutom o pagkauhaw*."

[56] '*Sidr*' – sa Inggles ay '*Lote*.'

19. Pero dahil sa kanilang sukdulang kasamaan ay pinagsawaan nila ang tahimik, mapayapa at marangyang pamumuhay, at kanilang sinabi: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Igawa Mo kami ng mga bayan na magkakalayo*; *upang mapalayo ang aming mga paglalakbay sa pagitan nito*, *na wala kaming matatagpuan na bayan sa aming pagdaraanan*," at inapi nila ang kanilang mga sarili dahil sa kanilang di-paniniwala, na kung kaya, winasak Namin sila, at ginawa Namin sila na mga aral at mga kuwento sa sinumang darating pagkatapos nila, at pinagwatak-watak Namin sila at nasira ang kanilang bayan, katiyakan, sa nangyari sa bayan ng Saba` ay katotohanang aral sa sinumang nagtitiis sa mga kahirapan, na nagpapasalamat sa mga Biyaya ng Allâh (ﷻ).

20. At walang pag-aalinlangan, na napatunayan ni Iblees sa kanyang kaisipan ang kanyang inisip na walang katiyakan, na maililigaw niya ang angkan ni Âdam, at katunayan, sila ay sumunod sa kanya sa paglabag sa Allâh (ﷻ), at natupad ang kanyang inisip laban sa kanila, at sinunod nila siya at nilabag ang kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha maliban sa isang grupo na mananampalataya sa Allâh dahil sa sila ay nanatili sa kanilang pagsunod sa Allâh (ﷻ).

21. At walang kakayahan si Iblees na pilitin ang mga walang pananampalataya na lumabag subali't ang '*Hikmah*' (o karunungan) ng Allâh ay pinagpasiyahan Niya na subukin ang angkan ni Âdam; upang ilantad sa pamamagitan nito kung sino ang naniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli para sa gantimpala o kaparusahan mula sa sinumang may pag-aalinlangan hinggil dito. At ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay nakatala sa Kanya ang lahat ng bagay na sa pamamagitan nito Siya ay magtutumbas.

22. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) sa mga walang pananampalataya: "*Tawagin ninyo ang mga yaong inangkin ninyo na katambal ng Allâh at inyong sinamba bukod sa Kanya na mga rebutlo*, *mga anghel at mga tao*, *at sa kanya kayo humingi ng inyong mga pangangailangan*, *dahil walang pag-aalinlangan*, *kailanman ay hindi nila kayo matutugunan*, *dahil sila ay walang pagmamay-ari na kahit na kasimbigat ng* '*atom*' *sa liit*, *sa mga kalangitan man ni sa kalupaan*, *at wala silang kahit na anumang bahagi* (*o parte*) *sa mga yaon*, *at walang sinuman sa kanila ang naging katulong ng Allâh* (ﷻ) *sa paglikha ng anumang bagay*, *kundi ang Allâh* (ﷻ) *lamang ang Bukod-Tanging naglikha*, *Siya lamang ang Bukod-Tanging sinasamba at walang karapatang sambahin ang sinuman*."



23. At hindi pakikinabangan ang pamamagitan ng sinumang mamamagitan sa Allâh (ﷻ) maliban sa kanya na pinagkalooban Niya ng kapahintulutan. At kabilang sa Dakilang Kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) ay Siya sa katotohanan na kapag nagsalita sa pamamagitan ng Kapahayagan (o Rebelasyon) na narinig ng lahat ng nasa kalangitan ang Kanyang salita ay nanginginig sila dahil sa '*Haybah*' (hiya, takot at paggalang) nila sa Kamaharlikaan ng Allâh (ﷻ), hanggang sa sila ay parang mawalan ng malay, at kapag nawala na ang kanilang takot sa kanilang mga puso ay magtatanungan na sila sa isa't isa: "*Ano ba ang sinabi ng inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha?*" Sasabihin ng mga anghel: "*Ang sinabi Niya ay katotohanan*," at Siya ay '***Al-`Alee***' – ang Kataas-taasan sa Kanya Mismong Sarili sa Kanyang pangunguntrol at sa taas ng Kanyang antas, na '*Al-Kabeer*' – ang Pinakadakila sa lahat ng bagay.

24. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga walang pananampalataya: "*Sino ba ang nagkakaloob sa inyo ng kabuhayan mula sa mga kalangitan sa pamamagitan ng ulan*, *at sa kalupaan* (*naman*) *sa pamamagitan ng mga pananim*, *minahan at iba pa?*" *Dahil walang pag-aalinlangan na karapat-dapat na aminin nila ang katotohanang ito*, *at kung hindi nila ito aaminin*, *sabihin mo sa kanila*: '*Ang Allâh* (ﷻ) *ang Tagapagkaloob ng kabuhayan. At katiyakan*, *alin sa dalawang grupo lamang mula sa amin at mula sa inyo ang nasa patnubay na nanatili o di kaya ay nasa pagkaligaw nang malinaw na pagkakaligaw.*'"

25. Sabihin mo sa kanila: "*Hindi kayo tatanungin hinggil sa aming mga pagkakasala*, *at hindi rin kami tatanungin hinggil sa inyong mga ginawa*; *dahil kami sa katotohanan ay walang pananagutan sa inyo at sa inyong pagtanggi*."

26. Sabihin mo: "*Ang Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang magtitipon sa ating lahat sa Araw ng Muling Pagkabuhay*, *pagkatapos Siya ang maghahatol ng*

makatarungan sa pagitan natin, *dahil Siya ay* '***Al-Fattâhul `Aleem***' *– ang Ganap na Makatarungang Tagapaghatol sa pagitan ng Kanyang mga nilikha*, *na Ganap na Nakaaalam sa anumang karapat-dapat na paghatol at sa mga kalagayan ng Kanyang mga nilikha at walang anuman ang naililihim sa Kanya*."

27. Sabihin mo: "*Ipakita ninyo sa akin ang patunay at katibayan ng mga itinambal ninyo bilang kapantay ng Allâh* (ﷻ) *sa pagsamba*, *kung nakagawa ba sila ng anumang bagay. Katiyakang hindi ang kanilang inaakala ang siyang katotohanan*, *kundi ang bukod-tanging may karapatan lamang na sambahin ay Siya – ang Allâh* (ﷻ) *– na walang katambal*, *na* '***Al-`Azeez***' *– ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang paghihiganti sa sinumang sumamba ng iba*, *na* '***Al-Hakeem***' *– ang Ganap na Maalam sa Kanyang mga salita*, *mga gawa at pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha*."

28. At hindi ka Namin ipinadala, O Muhammad (ﷺ), sa lahat ng sangkatauhan kundi bilang tagapagdala ng magandang balita hinggil sa gantimpala ng Allâh (ﷻ) at bilang isang tagapagbabala hinggil sa Kanyang kaparusahan, subali't ang karamihan sa mga tao ay hindi nila batid ang katotohanan, na kung kaya, sila ay tumatalikod mula rito.

29. Sinasabi ng mga sumasamba ng iba bilang panlalait: "*Kailan pa ba ang pangako na ipinapangako ninyo sa amin na titipunin tayong lahat ng Allâh*, *pagkatapos ay pagpapasiyahan Niya ang pagitan natin*, *kung kayo ay totoo sa ipinapangako ninyo sa amin?*"

30. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang pakikipagtagpo para sa inyo ay walang pag-aalinlangan na darating*, *na ito ay sa Araw ng Muling Pagkabuhay*, *na kung saan*, *pagdating nito ay hindi maiaantala ng kahit na isang oras para kayo ay makapagsisi*, *at hindi rin ito maipauusad ng kahit na isang oras bago mangyari ang kaparusahan. Na kung kaya*, *mag-ingat kayo sa pagdating ng Araw na ito at paghandaan ninyo.*"

31. At sinabi ng mga walang pananampalataya: "*Kailanman ay hindi kami maniniwala sa Qur'ân na ito at gayundin sa Aklat na nauna rito na katulad ng* '*Tawrah*,' '*Injeel*' *at saka* '*Zabour*,' *sa katunayan*, *hindi sila naniwala sa lahat ng Aklat*." At kung makikita mo lamang, O Muhammad, kapag ang mga masasamang tao na ito ay nakakulong doon sa kanilang '*Rabb*' para sa paghuhukom, na kung saan, nagsisisihan sila sa isa't isa, ay tiyak na makikita mo ang isang napakatinding kahiya-hiya, sasabihin ng mga mahihina roon sa mga mapagmataas na sila ay yaong mga pinuno nila na mga ligaw at mga nanligaw: "*Kung hindi lamang ninyo kami iniligaw mula sa katotohanan ay magiging kabilang kami sa mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo.*"



32. At sasabihin ng mga matataas nila sa mga mahihina: "*Bakit*, *pinigilan ba namin kayo sa patnubay noong ito ay dumating sa inyo? Hindi! Kundi kagustuhan ninyo na masasama ang pumasok sa di-paniniwala.*"

33. At sasabihin ng mga mahihina sa kanilang mga pinuno sa pagkaligaw: "*Hindi ang inyong inaakala ang katotohanan! Kundi ang inyong mga masasamang pakana sa amin sa gabi at sa araw ang siyang nagpabagsak sa amin tungo sa pagkawasak*, *nang ipinag-utos ninyo sa amin na tumanggi sa Allâh at maglagay ng katambal sa pagsamba sa Kanya*." At kinimkim na lamang ng bawa't isa sa kanila ang panghihinayang noong nakita na nila ang parusa na inihanda sa kanila. At inilagay Namin ang mga kadena sa leeg ng mga walang pananampalataya, at hindi sila pinaparusahan ng ganitong parusa kundi dahil sa kanilang ginawang pagtanggi sa Allâh (ﷻ) at pagsagawa ng mga kasamaan sa daigdig. Dito sa talatang ito ang matinding babala mula sa pagsunod sa mga nag-aanyaya ng pagkaligaw at mga pinuno ng mga masasama.

34. At hindi Kami nagpadala sa bawa't bayan ng Sugo upang manghikayat tungo sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at pagsamba nang bukod-tangi lamang sa Kanya, kundi sinasabi ng mga pinagkalooban ng makamundong karangyaan at nalulong sa mga kasiyahan at mga masasamang pagnanasa mula sa mga nanirahan (sa bawa't bayang) yaon: "*Katiyakan*, *kami ay tumatanggi sa anuman na inyong dala-dala*, *O kayong mga Sugo!*"

35. At kanilang sinabi: "*Kami ay mas maraming kayamanan at mga anak kaysa inyo*, *at hindi kami pinagkalooban ng Allâh ng mga ganitong biyaya kundi dahil Siya ay nasisiyahan sa amin*, *na kung kaya*, *hindi kami paparusahan dito sa daigdig at Kabilang-Buhay.*"

36. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *ang aking* '*Rabb*' *ang nagkakaloob ng masaganang kabuhayan dito sa daigdig sa sinumang Kanyang nais*, *at hinihigpitan Niya sa pagkakaloob ang sinumang Kanyang nais*, *hindi dahil sa Kanyang pagmamahal at pagkapoot*, *kundi ito ay Kanyang ginagawa bilang pagsubok*, *subali't ang karamihan sa mga tao ay hindi nila alam na ito ay pagsubok lamang sa Kanyang mga alipin*; *dahil sila ay hindi nagsusuri*."

37. At hindi ang inyong mga kayamanan at ang inyong anak ang magpapalapit sa inyo sa Amin at magtataas ng inyong antas, kundi ang sinumang naniwala (sa Kaisahan ng Allâh) at gumawa ng kabutihan, sila ang magkakamit ng dobleng gantimpala sa kanilang mga kabutihan, dahil ang gantimpala ng isang kabutihan ay sampung beses ang katumbas hanggang sa anumang naisin ng Allâh (ﷻ) na karagdagan, na sila ay nasa kataas-taasan ng '*Al-Jannah*' (Hardin) na ligtas sa anumang kaparusahan, kamatayan at kalungkutan.

38. At ang mga yaong nagpupunyagi para sirain ang Aming mga Rebelasyon at harangan ang Daan ng Allâh at kalabanin ang Allâh (ﷻ), sila ang nasa kaparusahan sa Impiyernong-Apoy sa Araw ng Muling Pagkabuhay na kakaladkarin ng mga anghel ng Kaparusahan sa Impiyerno at hindi na sila makalalabas pa roon.

39. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na ipinagmamayabang ang kanilang mga kayamanan at mga anak: "*Katotohanan*, *ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Siyang nagpapaluwag ng kabuhayan sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin*, *at naghihigpit* (*nagsasanhi ng kahirapan*) *sa sinuman na Kanyang nais*, *sa* '*Hikmah*' (*o karunungan*) *na Siya lamang ang Ganap na Nakababatid*, *at anuman ang inyong ginasta sa Daan ng Allâh* (ﷻ) *ay Siya ang magtutumbas sa inyo nito rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay dahil Siya ang* '***Khayrul Râziqeen***' – *Pinakamabuting Tagapagkaloob*, *na kung kaya*, *hilingin ninyo ang kabuhayan mula lamang sa Kanya at magpunyagi kayo para isagawa ang mga paraan na ipinag-utos Niya sa inyo*."



40. At alalahanin mo, O Muhammad, ang Araw na kung saan titipunin ng Allâh (ﷻ) ang mga sumamba ng iba at ang mga sinamba nila bukod sa Allâh na mga anghel, pagkatapos, sasabihin Niya sa mga anghel bilang pag-aalipusta sa sinumang sumamba sa kanila: "*Kayo ba ang mga sinamba nila bukod sa Akin?*"

41. Sasabihin ng mga anghel: "*Luwalhati sa Iyo*, *O Allâh* (ﷻ), *na Ikaw ay malayo sa anumang pagkakaroon ng katambal sa pagsamba*, *Ikaw ay aming pinakamamahal na aming Tagapangalaga*, *na sinusunod namin at bukod-tanging sinasamba namin*. *Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan*, *na kung kaya*, *kinaugalian nila na sumamba sa mga* '*Shaytân*,' *at karamihan sa kanila ay pinaniniwalaan ang mga* '*Shaytân*' *at sinusunod.*"

42. At sa Araw ng Pagtitipon ay walang kakayahan ang mga sinasamba na makapagdulot ng anumang kapakinabangan o kapinsalaan sa mga sumamba sa kanila, at sasabihin Namin sa mga nang-api ng kanilang sarili sa pamamagitan ng pagsamba nila ng iba at pagsagawa ng mga kasalanan: "*Lasapin ninyo ang kaparusahan sa Impiyernong-Apoy na siyang kinagawian ninyong di-paniwalaan*."

43. At kapag binigkas sa mga walang pananampalataya na taga-Makkah ang malilinaw na mga talata ng Allâh, sinasabi nila: "*Si Muhammad ay hindi hihigit sa isang tao na nais niya lamang kayong hadlangan sa pagsamba sa mga diyus-diyusan na sinasamba ng inyong mga ninuno*," at sinabi pa nila: "*Itong Qur'ân na ito na binibigkas mo sa amin*, *O Muhammad*, *ay walang iba kundi kasinungalingan na inimbento na nagmula lamang sa iyong sarili at hindi nagmula sa Allâh*," at sinabi ng mga walang pananampalataya hinggil sa Qur'ân nang ito ay dumating sa kanila: "*Ito ay walang iba kundi malinaw na salamangka*."

44. At hindi Kami nagbaba sa mga walang pananampalataya ng mga Aklat na kanilang binabasa bago dumating ang Dakilang Qur'ân na nagtuturo sa kanila hinggil sa kanilang pag-aangkin na ang anumang dala ni Muhammad sa kanila ay salamangka, at hindi Kami nagpadala sa kanila bago sa iyo, O Muhammad, ng Sugo na nagbigay ng babala sa kanila hinggil sa Aming kaparusahan.

45. At pinasinungalingan ng mga nauna sa kanila na katulad ng sambayanan ni `Ad at ni Thamoud ang Aming mga Sugo, gayong hindi man lamang naabot ng kapangyarihan ng taga-Makkah ang kahit sampung porsiyento na ipinagkaloob Namin sa mga naunang sambayanan at ang dami ng kanilang kayamanan, ang haba ng buhay at iba pa na mga biyaya, magkagayunpaman ay tinanggihan pa rin nila ang Aming mga Sugo sa kanilang dala-dala na mga mensahe, na kung kaya, pinuksa Namin sila, kung gayon, pagmasdan mo, O Muhammad, kung paano Namin sila pinarusahan dahil sa kanilang pagtanggi.

46. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na walang pananampalataya at nagmamatigas: "*Ang iminumungkahi ko sa inyo ay isang pagpapayo lamang na kayo ay tuwirang sumunod sa Allâh* (ﷻ) *na dala-dalawa o paisa-isa*, *pagkatapos ay pag-isipan ninyo ang kalagayan ng inyong kasamahan na Sugo ng Allâh at ang anumang itinatangi ninyo sa kanya*, *dahil siya ay walang kasiraan sa kaisipan*, *kundi siya ay nagbibigay lamang ng babala sa inyo*, *at tinatakot kayo mula sa kaparusahan sa Impiyernong-Apoy bago ninyo ito matikman*."

47. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga walang pananampalataya: "*Hindi ako humihingi sa inyo ng kabayaran sa anumang kabutihan na dala-dala ko sa inyo kundi ito ay para rin lamang sa inyo*, *at ang inaasahan ko na kabayaran at gantimpala ay sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang Ganap na Tagapagmasid sa aking mga ginagawa at sa inyong mga ginagawa*, *na walang anumang naililihim sa Kanya at tinutumbasan ang bawa't isa ng anumang karapat-dapat na para sa kanya*."

48. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa sinumang hindi naniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa mensahe ng Islâm: "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay ibinaba Niya ang mga katibayan ng katotohanan laban sa kamalian at ito ay ibinubunyag Niya at pinawawalang-bisa*, *at ang Allâh* (ﷻ) *ang Ganap na Nakaaalam sa lahat ng mga* '*Ghayb*,' *na walang anumang naililihim sa Kanya sa kalupaan gayundin sa kalangitan*."

الجزء الثاني والعشرون
سورة سبإ
قُلْ جَآءَ ٱلْحَقُّ وَمَا يُبْدِئُ ٱلْبَـٰطِلُ وَمَا يُعِيدُ ﴿٤٩﴾ قُلْ إِن ضَلَلْتُ
فَإِنَّمَآ أَضِلُّ عَلَىٰ نَفْسِى ۖ وَإِنِ ٱهْتَدَيْتُ فَبِمَا يُوحِىٓ إِلَىَّ رَبِّىٓ ۚ إِنَّهُۥ
سَمِيعٌ قَرِيبٌ ﴿٥٠﴾ وَلَوْ تَرَىٰٓ إِذْ فَزِعُوا۟ فَلَا فَوْتَ وَأُخِذُوا۟ مِن
مَّكَانٍ قَرِيبٍ ﴿٥١﴾ وَقَالُوٓا۟ ءَامَنَّا بِهِۦ ۖ وَأَنَّىٰ لَهُمُ ٱلتَّنَاوُشُ مِن
مَّكَانٍۭ بَعِيدٍ ﴿٥٢﴾ وَقَدْ كَفَرُوا۟ بِهِۦ مِن قَبْلُ ۖ وَيَقْذِفُونَ
بِٱلْغَيْبِ مِن مَّكَانٍۭ بَعِيدٍ ﴿٥٣﴾ وَحِيلَ بَيْنَهُمْ وَبَيْنَ مَا يَشْتَهُونَ
كَمَا فُعِلَ بِأَشْيَاعِهِم مِّن قَبْلُ ۚ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ فِى شَكٍّ مُّرِيبٍ ﴿٥٤﴾
سُورَةُ فَاطِرٍ
بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَـٰنِ ٱلرَّحِيمِ
ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ فَاطِرِ ٱلسَّمَـٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ جَاعِلِ ٱلْمَلَـٰٓئِكَةِ رُسُلًا أُو۟لِىٓ
أَجْنِحَةٍ مَّثْنَىٰ وَثُلَـٰثَ وَرُبَـٰعَ ۚ يَزِيدُ فِى ٱلْخَلْقِ مَا يَشَآءُ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ
شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١﴾ مَّا يَفْتَحِ ٱللَّهُ لِلنَّاسِ مِن رَّحْمَةٍ فَلَا مُمْسِكَ لَهَا ۖ
وَمَا يُمْسِكْ فَلَا مُرْسِلَ لَهُۥ مِنۢ بَعْدِهِۦ ۚ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٢﴾ يَـٰٓأَيُّهَا
ٱلنَّاسُ ٱذْكُرُوا۟ نِعْمَتَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ ۚ هَلْ مِنْ خَـٰلِقٍ غَيْرُ ٱللَّهِ يَرْزُقُكُم
مِّنَ ٱلسَّمَآءِ وَٱلْأَرْضِ ۚ لَآ إِلَـٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ فَأَنَّىٰ تُؤْفَكُونَ ﴿٣﴾

49. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Dumating na ang katotohanan at dakilang batas mula sa Allâh* (ﷻ), *at nawalan na ng saysay ang kamalian at naglaho na ang kakayahan nito*, *at ang kamalian ay hindi makalilikha ng anuman ni makapagpapabalik pang muli ng anuman*."

50. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Kung nalihis ako sa katotohanan ay ang kasalanan ng aking pagkaligaw ay sa aking sarili lamang*, *at kung ako ay nagpakatuwid ay dahil sa Kapahayagan ng Allâh na ipinahayag Niya sa akin*, *katiyakan*, *ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang* '***Samee`un Ghareeb***' – *Ganap na Nakakarinig sa anumang sinasabi ko sa inyo*, *na Napakalapit sa sinumang nananalangin sa Kanya*."

51. At kung makikita mo lamang, O Muhammad, kapag nabigla sa pagkatakot ang mga walang pananampalataya kapag nasa harap na nila ang parusa, ay tiyak na makikita mo ang matinding pangyayari, dahil wala na silang kaligtasan at di na sila makatatakas pa, at sila ay kakaladkarin tungo sa Impiyerno mula sa malapit na lugar doon.

52. Sinabi ng mga walang pananampalataya kapag nakita na nila ang parusa sa Kabilang-Buhay: "*Naniwala na kami sa Allâh*, *sa mga Aklat at sa mga Sugo*," subali't paano pa nila makakamtan at mararating ang paniniwala sa Kabilang-Buhay samantalang sila ay malayung-malayo na? Dahil inilayo na sila sa daigdig na dapat ay naniwala sila noong sila ay nandoon pa, sapagka't ang paniniwala ay nangyayari lamang sa daigdig at sila sa katunayan ay tumanggi roon.

53. At katiyakan, tinanggihan nila ang katotohaan sa daigdig, at pinasinungalingan nila ang mga Sugo at naghaka-haka lamang sila noon sa daigdig hinggil sa Kabilang-Buhay, na wala silang anumang katibayan sa kanilang maling paghahaka-haka, na kung kaya, hindi nila mararating ang katotohanan, na katulad ng pana na ito ay hindi maaaring tatama sa pinupuntirya nito kapag ang pinapana ay pagkalayu-layo.

54. At ilalayo na sa pagitan ng mga di-naniwala at ang anuman na kanilang inaasam na kapatawaran at pagbabalik sa daigdig upang maniwala, na katulad ng ginawa sa

mga nauna sa kanila na mga walang pananampalataya at sa mga naunang tao, dahil sila sa daigdig (noon) ay may pagdududa hinggil sa mga Sugo, sa Pagkabuhay na Mag-uli at sa Paghuhukom, na ito ang nagdulot ng haka-haka at pangamba sa kanila, na kung kaya, hindi sila naniwala.

سورة فـــاطر 35

XXXV – Sûrat Fâṯir

[**Kabanata Fâṯir** – Ang Nagpanimula ng Paglikha]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Ang ganap na papuri at pasasalamat ay pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) na Nagpanimula ng Paglikha ng mga kalangitan at kalupaan na Siya ang nagbukod-tangi nito, at ginawa Niya ang mga anghel bilang mga Sugo tungo sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin at sa anuman na Kanyang nais na pag-uutos at pagbabawal, at kabilang sa dakilang kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) ay ginawa Niya ang mga anghel na may mga pakpak na dalawa, tatlo o apat, na sila ay lumilipad sa pamamagitan nito; upang iparating ang anumang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ), at dinaragdagan Niya ang paglikha sa anuman na Kanyang nais. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay at walang anuman ang mahirap sa Kanya, na Siya ang May Kakayahan na gawin ang lahat ng bagay.

2. Anumang biyaya na ipinagkakaloob ng Allâh (ﷻ) sa mga tao, kabuhayan man, ulan, kalusugan o kaalaman at iba pa na mga biyaya, ay walang sinuman ang may kakayahan na pigilin ito, at sinuman ang pinigilan ng Allâh (ﷻ) sa kanya ang mga ganitong bagay ay walang sinuman ang may kakayahan na maipagkaloob ito sa kanya pagkatapos Niya. Dahil Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa pagtatangan Niya ng lahat ng bagay, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam na ipinapadala Niya ang Kanyang Biyaya at pinipigil Niya ayon sa Kanyang karunungan.

3. O sangkatauhan! Alalahanin ninyo ang Biyaya ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng inyong mga puso, mga dila at mga katawan, at walang sinuman na lumikha sa inyo bukod sa Allâh (ﷻ) na nagkakaloob sa inyo ng biyaya mula sa kalangitan sa pamamagitan ng ulan, at mula sa kalupaan sa pamamagitan ng tubig at mga minahan at iba pa, '***Lâ i-lâ-ha il-la Huwa***' – walang sinuman ang diyos na sinasamba o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin bukod sa Kanya na Bukod-Tangi at walang katambal, na kung kaya, paano ninyo ibinabaling ang pagsamba mula sa Kanya patungo sa iba?



4. At kung pinasinungalingan ka ng iyong sambayanan, O Muhammad, ay katiyakang pinasinungalingan din ang mga Sugo na nauna sa iyo, at sa Allâh (ﷻ) tutungo ang lahat ng bagay sa Kabilang-Buhay, at tutumbasan Niya ang bawa't isa sa anumang karapat-dapat na para sa kanya. At dito sa talatang ito ay pampalubag-loob sa Sugo ng Allâh (ﷺ).

5-6. O sangkatauhan! Katiyakan, ang pangako ng Allâh (ﷻ) na Pagkabuhay na Mag-uli, gantimpala at parusa ay makatotohanan, na kung kaya, huwag hayaang malinlang kayo ng makamundong buhay na mga pagnanasa nito, at huwag hayaang malinlang kayo ng pinakapinuno ng tagapaglinlang na si '*Shaytân*' hinggil sa Allâh (ﷻ). Katiyakan, si '*Shaytân*' ay kalaban ng mga angkan ni Âdam, na kung kaya, ituring ninyo siyang kalaban at huwag pakasusundin, dahil walang pag-aalinlangan, hinihikayat niya ang kanyang mga tagasunod tungo sa pagkaligaw, upang sila ay maging kabilang sa mapupunta sa naglalagablab na apoy.

7. Ang mga yaong tinanggihan ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at ang anumang dala-dala ng Kanyang mga Sugo ay para sa kanila ang matinding parusa sa Kabilang-Buhay, at ang mga yaong naniwala sa Allâh, sa Kanyang mga Sugo at gumawa ng mga kabutihan, para sa kanila ay kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at dakilang gantimpala na ito ay '*Al-Jannah*' (Hardin).

8. Siya ba, kung gayon, na ginawa ni '*Shaytân*' na kaiga-igaya sa kanyang pananaw ang masamang gawain, paglabag sa Allâh, di-paniniwala at pagsamba ng iba bukod sa Allâh na mga diyus-diyusan at mga rebulto, at itinuturing niya na ito ay kabutihan para sa kanya, ay magiging katulad ba siya ng sinumang ginabayan ng Allâh (ﷻ) at nakikita niya na mabuti ang anumang kabutihan at masama ang anumang kasamaan? Katiyakan, inililigaw ng Allâh (ﷻ) ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin, at ginagabayan Niya ang sinuman na Kanyang nais, na kung kaya, huwag

mong ipahamak ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagdalamhati at pagkalungkot dahil sa pagtanggi ng mga ligaw. Katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa kanilang mga masamang gawain at tinutumbasan Niya sila nang masamang kabayaran.

9. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagpapadala ng mga hangin upang itulak ang mga ulap, na dinadala Namin ito tungo sa mga tuyot na kalupaan, at bumababa ang tubig at binubuhay Namin sa pamamagitan nito ang kalupaan pagkatapos nitong maging tuyot, nagiging luntian sa pamamagitan nito ang mga pananim, at ganito bubuhayin ng Allâh (ﷻ) ang mga namatay sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

10. Ang sinumang naghahangad ng karangalan dito sa daigdig o di kaya ay sa Kabilang-Buhay ay hilingin niya ito mula sa Allâh (ﷻ), at hindi ito makakamtan kundi sa pamamagitan lamang ng pagsunod sa Kanya, dahil Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng parangal, na kung kaya, sinuman ang naghangad ng karangalan para sa kaninumang nilikha ay ibababa siya ng Allâh (ﷻ) at ang sinumang naghangad ng karangalan nang alang-alang sa Allâh (ﷻ) na Tagapaglikha ay iaangat siya mismo ng Allâh (ﷻ).

Tungo sa Kanya umaakyat ang mabubuting salita na ito ay mga papuri sa Kanya at itinataas Niya patungo sa Kanya ang mabuting gawain. At ang mga yaong gumawa ng kasamaan ay para sa kanila ang masidhing kaparusahan, at ang kanilang mga pakana ay mawawasak at masisira at hindi nila mapakikinabangan.

11. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha ng inyong ama mula sa alabok, pagkatapos ginawa Niya ang kanyang lahi na dumami sa pamamagitan ng lusaw na semilya na hindi pinahahalagahan, pagkatapos ginawa Niya kayo ng mga kalalakihan at mga kababaihan. At walang anumang ipinagdadalang-tao ang babae o anuman na kanyang ipinapanganak kundi ito ay nasa kaalaman ng Allâh (ﷻ), at walang sinumang pinagkalooban ng mahabang buhay o isang bahagi na binawas mula sa kanyang buhay kundi ito ay nakatala na sa kanyang aklat, na ito ay ‘*Al-Lawh Al-Mahfoudh*,’ bago pa siya ipagdalang-tao ng kanyang ina at bago pa siya ipanganak nito. Katiyakan, itinala ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng bagay, at ganap na batid Niya itong lahat bago Niya pa ito likhain, at wala nang maidaragdag ni maibabawas sa anuman na Kanyang itinala. Katiyakan, ang paglikha sa inyo at ang kaalaman hinggil sa inyong katayuan at ang pagtala nito sa ‘*Al-Lawh Al-Mahfoudh*’ ay napakadali para sa Allâh (ﷻ).

12. At hindi magkatulad ang dalawang karagatan: ito ay matabang na matindi ang katabangan nito, na madaling naipapasok sa lalamunan na pumapawi ng uhaw, at ang isa naman ay maalat na matindi ang kaalatan nito, at mula sa dalawang uri ng tubig na ito ay nakakakain kayo ng isda na sariwang laman na malambot na masarap ang lasa, at nakukuha ninyo mula rito ang mga palamuti, na tulad ng perlas, mga '*corals*' at iba pa, na ginagamit ninyo bilang palamuti, at nakikita ninyo ang mga sasakyang pantubig dito na naglalayag, upang marating ninyo sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Allâh (ﷻ) ang inyong mga gawain, pangangalakal at iba pa. Dito sa talatang ito ang patunay sa kakayahan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Kaisahan; upang kayo ay tatanaw ng utang na loob sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang biyaya na ipinagkaloob sa inyo.



13. At ang Allâh (ﷻ) ay nagpapasok ng panahon mula sa mga bahagi (o oras) ng gabi sa araw at nadaragdagan ang haba ng araw batay sa kung gaano karami ang nabawas sa bahagi ng gabi, at gayundin bilang kabaligtaran nito, na Siya ay nagpapasok ng panahon mula sa mga bahagi (o oras) ng araw sa gabi at nadaragdagan ang haba ng gabi batay sa kung gaano karami ang nabawas sa bahagi ng araw, at ginawa Niya na madali ang kapakinabangan sa araw at buwan, na ito ay umiinog batay sa itinakdang panahon, at ang nagpapatakbo nitong lahat ay ang Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na Nagmamay-ari ng lahat, subali't ang inyong mga sinasamba bukod sa Kanya ay wala silang Pagmamay-ari na kahit na kasinglaki ng '*Qitmir*' – isang manipis na manipis na balat na kulay puti na nakabalot sa buto ng '*thamr*' (datiles o '*dates*').

14. Kapag pinananalanginan ninyo, O kayong mga tao, ang mga sinasamba na ito bukod sa Allâh ay hindi nila maririnig ang inyong panalangin, at kahit na marinig pa nila ay wala rin silang maitutugon sa inyo, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay itatanggi nila kayo, at walang sinuman ang makapagpapahayag nito sa iyo, O

Muhammad, na mas higit pa sa katotohanan na inilahad sa iyo ng Allâh (ﷻ) na '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakababatid ng lahat at Pinakadalubhasa.

15. O sangkatauhan! Kayo ang siyang nangangailangan sa Allâh (ﷻ) sa lahat ng pagkakataon, at kailanman ay hindi mawawala ang iyong pangangailangan sa Allâh (ﷻ) nang kahit na isang kurap ng mata, Siya ay '***Al-Ghanee***' – ang Malaya sa anumang pangangailangan, na walang pangangailangan na kahit na anumang bagay mula sa Kanyang mga nilikha, na '***Al-Hameed***' – ang karapat-dapat sa lahat ng papuri na pinupuri sa Kanyang Sarili, sa Kanyang mga Pangalan at mga Katangian sa lahat ng pagkakataon.

16. Kung ninais ng Allâh (ﷻ) ay wawasakin Niya kayong lahat, O kayong mga tao, at papalitan kayo ng ibang nilikha na mas mabuti kaysa sa inyo na tuwirang sumusunod sa Allâh.

17. At ang pagwasak sa inyo at ang paglikha nang ganito bukod sa inyo ay hindi mahirap sa Allâh (ﷻ) kundi ito ay napakadali lamang.

18. At hindi papasanin ng sinumang tao ang kasalanan ng iba at kahit na hilingin pa ng sinumang tao na ipapapasan sa iba ang kanyang mabigat na kasalanan ay hindi siya makatatagpo ng kahit na sinumang papasan ng kanyang kasalanan, kahit na ang hihilingan pa niya ay kanyang sariling dugo na tulad ng kanyang ama, kapatid o mga katulad nila. Katiyakan, ang mababalaan mo lamang, O Muhammad, ay ang mga yaong natatakot nang palihim sa parusa ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at isinasagawa nila ang '*Salâh*' nang ganap. At sinuman ang nililinis niya ang kanyang sarili mula sa kasalanan ng pagtambal at iba pa ay sarili rin lamang niya ang kanyang nililinis at siya mismo ang makikinabang nito. At sa Allâh (ﷻ) patutungo ang lahat ng Kanyang nilikha at tutumbasan Niya ang bawa't isa ng anuman na karapat-dapat na para sa kanya.


وَمَا يَسْتَوِي الْأَعْمَىٰ وَالْبَصِيرُ ﴿١٩﴾ وَلَا الظُّلُمَاتُ وَلَا النُّورُ
﴿٢٠﴾ وَلَا الظِّلُّ وَلَا الْحَرُورُ ﴿٢١﴾ وَمَا يَسْتَوِي الْأَحْيَاءُ وَلَا الْأَمْوَاتُ
إِنَّ اللَّهَ يُسْمِعُ مَن يَشَاءُ ۖ وَمَا أَنتَ بِمُسْمِعٍ مَّن فِي الْقُبُورِ ﴿٢٢﴾ إِنْ
أَنتَ إِلَّا نَذِيرٌ ﴿٢٣﴾ إِنَّا أَرْسَلْنَاكَ بِالْحَقِّ بَشِيرًا وَنَذِيرًا ۚ وَإِن مِّنْ
أُمَّةٍ إِلَّا خَلَا فِيهَا نَذِيرٌ ﴿٢٤﴾ وَإِن يُكَذِّبُوكَ فَقَدْ كَذَّبَ الَّذِينَ
مِن قَبْلِهِمْ جَاءَتْهُمْ رُسُلُهُم بِالْبَيِّنَاتِ وَبِالزُّبُرِ وَبِالْكِتَابِ
الْمُنِيرِ ﴿٢٥﴾ ثُمَّ أَخَذْتُ الَّذِينَ كَفَرُوا ۖ فَكَيْفَ كَانَ نَكِيرِ ﴿٢٦﴾
أَلَمْ تَرَ أَنَّ اللَّهَ أَنزَلَ مِنَ السَّمَاءِ مَاءً فَأَخْرَجْنَا بِهِ ثَمَرَاتٍ مُّخْتَلِفًا
أَلْوَانُهَا ۚ وَمِنَ الْجِبَالِ جُدَدٌ بِيضٌ وَحُمْرٌ مُّخْتَلِفٌ أَلْوَانُهَا
وَغَرَابِيبُ سُودٌ ﴿٢٧﴾ وَمِنَ النَّاسِ وَالدَّوَابِّ وَالْأَنْعَامِ
مُخْتَلِفٌ أَلْوَانُهُ كَذَٰلِكَ ۗ إِنَّمَا يَخْشَى اللَّهَ مِنْ عِبَادِهِ الْعُلَمَاءُ ۗ
إِنَّ اللَّهَ عَزِيزٌ غَفُورٌ ﴿٢٨﴾ إِنَّ الَّذِينَ يَتْلُونَ كِتَابَ اللَّهِ
وَأَقَامُوا الصَّلَاةَ وَأَنفَقُوا مِمَّا رَزَقْنَاهُمْ سِرًّا وَعَلَانِيَةً
يَرْجُونَ تِجَارَةً لَّن تَبُورَ ﴿٢٩﴾ لِيُوَفِّيَهُمْ أُجُورَهُمْ
وَيَزِيدَهُم مِّن فَضْلِهِ ۚ إِنَّهُ غَفُورٌ شَكُورٌ ﴿٣٠﴾

19-24. At hindi maaaring magka-parehas ang bulag sa '*Deen*' ng Allâh at ang nakakakita ng Daan ng Katotohanan at ito ay kanyang sinunod, at hindi maaaring magkapantay ang kadiliman ng di-paniniwala at ang Liwanag ng Paniniwala, gayundin ang lilim at ang init ng araw, at hindi rin magkapantay ang mga tao na buhay ang kanilang mga puso sa paniniwala at ang mga patay ang kanilang mga puso sa di-paniniwala.

Katiyakan, sasanhiin ng Allâh (ﷻ) na makarinig ang sinuman na Kanyang nais na makarinig nang may pagkakaintindi at pagtanggap, at ikaw, O Muhammad, ay hindi mo kayang parinigin ang mga nasa libingan at kung paano di-nakaririnig ang mga namatay na nasa kanilang mga libingan ay ganoon din na hindi rin nakaririnig ang mga walang pananampalataya na namatay ang kanilang mga puso, at ang tungkulin mo lamang ay balaan sila sa galit at kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

Katiyakan, ipinadala ka Namin nang may mensahe ng katotohanan, na ito ay bukod-tanging paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa mga alituntunin ng Kanyang '*Deen*,' at tagapagbigay ng magandang balita hinggil sa '*Al-Jannah*' (Hardin) sa sinumang naniwala sa iyo at sumunod sa iyong patnubay, at bilang tagapagbabala hinggil sa Impiyerno sa sinumang di-naniwala at lumabag sa iyo. At walang sinumang sambayanan sa mga naunang sambayanan kundi dumating sa kanila ang babala na sila ay binalaan hinggil sa masamang kahihinatnan ng paglabag at pagkaligaw.

25. At kung tinanggihan ka ng mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay walang pag-aalinlangan na tinanggihan din ng mga nauna sa kanila ang kanilang mga Sugo, na sila ay nagdala sa kanila ng mga malilinaw na mga himala na nagpapatunay sa kanilang pagiging Propeta, at dala-dala nila ang mga Kasulatan na nagsasaad ng maraming alituntunin, at ang Aklat na malinaw na liwanag sa pagitan ng landas ng kabutihan at kasamaan.

26. Pagkatapos ay pinuksa Ko ang mga walang pananampalataya sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng parusa, na kung kaya, pagmasdan mo, kung gaano kasidhi ang Aking pagtanggi sa kanilang gawain at pagpapataw sa kanila ng Aking kaparusahan!

27. Hindi mo ba nakita na ang Allâh (ﷻ) sa katunayan ay nagbababa mula sa kalangitan ng tubig, at dinidiligan Namin sa pamamagitan nito ang mga puno sa kalupaan, at pinabubunga Namin ang mga puno na yaon ng iba't ibang kulay, mayroong pula, itim, dilaw at iba pa? At nilikha Namin sa mga kabundukan bilang mga daan na mga mapuputi at pula, at iba't ibang kulay, lumikha rin Kami mula sa mga kabundukan ng mga bundok na matitindi ang kaitiman nito.

28. At lumikha rin Kami ng mga tao at ang mga lumalakad sa kalupaan na kamelyo, mga baka at mga kambing na iba't iba rin ang kanilang mga kulay, na mayroong pula, puti, itim at iba pa; na katulad din ng iba't ibang kulay ng mga bunga at kabundukan. At ang tunay lamang na natatakot sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang parusa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga ipinagbabawal ay ang mga maalam at nakakikilala sa kadakilaan ng Allâh (ﷻ), sa Kanyang Katangian, sa Kanyang Batas at sa Kanyang Kapangyarihan sa lahat ng bagay, at kabilang dito ang kaalaman sa iba't ibang uri ng mga nilikha na kahit isa lang ang pinagmumulan, at pinag-aaralan nang labis ang kaalaman na nakukuha rito. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang ``***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na walang sinuman ang makagagapi sa Kanya, na '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad, na ginagantimpalaan ang mga sumusunod at pinatatawad.

29-30. Katiyakan, ang mga yaong binabasa nila ang Qur'ân at sinusunod ang katuruan nito, at patuloy ang kanilang pagsasagawa ng '*Salâh*' sa tamang oras nito at gumagasta sila mula sa ipinagkaloob sa kanila na kabuhayan ng iba't ibang kaparaanan ng paggasta, obligado man o hindi, lihim man o lantad, at inaasam nila rito ang katiyakan na pakikipagkalakalan na walang pagkatalo at hindi magmamaliw na ito ay ang pagmamahal lamang ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at pagkamit ng Kanyang masaganang gantimpala; upang ipagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang ganap na gantimpala sa kanilang mga gawain na walang kabawasan, at pagkakalooban ng higit pang gantimpala ang mga kabutihan na kanilang ginawa mula sa Kanyang kagandahang-loob.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa kanilang mga kasalanan, na '***Shakour***' – Ganap na Tagapagtangkilik ng kanilang kabutihan na ginagantimpalaan sila ng masaganang gantimpala para rito.


وَٱلَّذِىٓ أَوۡحَيۡنَآ إِلَيۡكَ مِنَ ٱلۡكِتَٰبِ هُوَ ٱلۡحَقُّ مُصَدِّقٗا لِّمَا بَيۡنَ
يَدَيۡهِۗ إِنَّ ٱللَّهَ بِعِبَادِهِۦ لَخَبِيرُۢ بَصِيرٞ ٣١ ثُمَّ أَوۡرَثۡنَا ٱلۡكِتَٰبَ
ٱلَّذِينَ ٱصۡطَفَيۡنَا مِنۡ عِبَادِنَاۖ فَمِنۡهُمۡ ظَالِمٞ لِّنَفۡسِهِۦ وَمِنۡهُم
مُّقۡتَصِدٞ وَمِنۡهُمۡ سَابِقُۢ بِٱلۡخَيۡرَٰتِ بِإِذۡنِ ٱللَّهِۚ ذَٰلِكَ هُوَ
ٱلۡفَضۡلُ ٱلۡكَبِيرُ ٣٢ جَنَّٰتُ عَدۡنٖ يَدۡخُلُونَهَا يُحَلَّوۡنَ
فِيهَا مِنۡ أَسَاوِرَ مِن ذَهَبٖ وَلُؤۡلُؤٗاۖ وَلِبَاسُهُمۡ فِيهَا حَرِيرٞ ٣٣
وَقَالُواْ ٱلۡحَمۡدُ لِلَّهِ ٱلَّذِيٓ أَذۡهَبَ عَنَّا ٱلۡحَزَنَۖ إِنَّ رَبَّنَا لَغَفُورٞ
شَكُورٌ ٣٤ ٱلَّذِيٓ أَحَلَّنَا دَارَ ٱلۡمُقَامَةِ مِن فَضۡلِهِۦ لَا يَمَسُّنَا
فِيهَا نَصَبٞ وَلَا يَمَسُّنَا فِيهَا لُغُوبٞ ٣٥ وَٱلَّذِينَ كَفَرُواْ لَهُمۡ
نَارُ جَهَنَّمَۖ لَا يُقۡضَىٰ عَلَيۡهِمۡ فَيَمُوتُواْ وَلَا يُخَفَّفُ عَنۡهُم مِّنۡ
عَذَابِهَاۚ كَذَٰلِكَ نَجۡزِي كُلَّ كَفُورٖ ٣٦ وَهُمۡ يَصۡطَرِخُونَ
فِيهَا رَبَّنَآ أَخۡرِجۡنَا نَعۡمَلۡ صَٰلِحًا غَيۡرَ ٱلَّذِي كُنَّا نَعۡمَلُۚ
أَوَلَمۡ نُعَمِّرۡكُمۡ مَّا يَتَذَكَّرُ فِيهِ مَن تَذَكَّرَ وَجَآءَكُمُ ٱلنَّذِيرُۖ
فَذُوقُواْ فَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِن نَّصِيرٍ ٣٧ إِنَّ ٱللَّهَ عَٰلِمُ
غَيۡبِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضِۚ إِنَّهُۥ عَلِيمُۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ٣٨

31. Ang ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na Kabanal-banalan na Qur'ân ay walang pag-aalinlangan na nagpapatunay sa mga naunang Aklat na ipinahayag sa mga Sugo na nauna sa iyo. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Pinakadalubhasa hinggil sa Kanyang mga alipin, na '***Baseer***' – Ganap na Nakakakita at Tagapagmasid sa kanila at walang anuman ang naililihim sa Kanya.

32. Pagkatapos ipinagkaloob Namin bilang pamana ang Dakilang Qur'ân pagkatapos mawasak ng mga naunang sambayanan sa sinumang pinili Namin mula sa sambayanan ni Muhammad: mayroon sa kanila ang inapi ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsagawa ng ilang mga kasalanan, at mayroon naman sa kanila ang nasa kalagitnaang kalagayan ng pagsunod na gumagawa ng mga ipinag-uutos at iniiwasan ang mga ipinagbabawal, at mayroon naman sa kanila ang nangunguna sa pagsagawa ng kabutihan sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ), na ibig sabihin ay palaging nakikipag-unahan, nagmamadali at nagsusumigasig sa pagsagawa ng mga mababuting gawa, obligado man o hindi.

Na ang ganitong pagkakaloob ng Aklat at pagpili sa sambayanan na ito ay isang dakilang kagandahang-loob.

33-35. Ng mga Hardin na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, sila na mga pinagkalooban ng Aklat ay dadamitan doon ng mga pulseras (o '*bracelets*') na gawa sa ginto, mga perlas, at ang pangkaraniwang damit doon ay kasuotan na gawa sa sutla. At sasabihin nila sa pagpasok nila sa '*Al-Jannah*' (Hardin): "*Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allâh* (ﷻ) *lamang na Siyang nag-alis sa amin sa kapighatian*, *katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang* '***Ghafour***' – *Ganap na Mapagpatawad*; *dahil pinatawad sa amin ang aming kamalian*, *na* '***Shakour***' – *Ganap na Tagapagtangkilik*; *dahil tinanggap Niya sa amin*

ang aming kabutihan at hinigitan pa Niya ang pagkaloob ng gantimpala nito. At pinatuloy Niya kami sa Tahanan ng Hardin mula sa Kanyang kagandahang-loob, *na hindi na mangyayari pa sa amin dito ang anumang kapaguran at kahirapan*.

36. At ang mga yaong hindi naniwala, ang para sa kanila ay naglalagablab na Impiyernong-Apoy, at hindi sila malalagutan ng buhay doon para mamatay at hindi sila mamamatay doon para makapagpahinga, at hindi pagagaanin sa kanila ang kaparusahan. Sa ganito tutumbasan ng Allâh (ﷻ) ang sinumang tumanggi na di-naniwala sa Kanya at sa Kanyang Sugo.

37. At sila na mga hindi naniwala ay magsisisigaw sa sidhi ng parusa sa Impiyernong-Apoy na humihingi ng saklolo: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Palabasin mo kami sa Impiyernong-Apoy at ibalik Mo kami sa daigdig dahil gagawa kami ng mabuti na hindi tulad ng yaong ginawa namin noong kami ay nasa daigdig pa*, *at maniniwala na kami sa halip na tumanggi*," at sasabihin sa kanila: "*Di ba pinagkalooban Namin kayo ng sapat na buhay sa daigdig*, *na yaon ay sapat na upang makaintindi ng pagpapayo ang sinumang iintindi*, *at dumating sa inyo ang Propeta subali't hindi pa rin kayo nakaalaala at hindi pa rin kayo tumanggap ng pagpapayo? Kung gayon*, *lasapin ninyo ang parusa ng Impiyerno*, *dahil wala nang sinumang makatutulong sa mga di-naniwala upang sila ay iligtas sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ)."

38. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Nakamamasid sa lahat ng di-nakikita sa mga kalangitan at sa kalupaan, at katiyakang siya ang Ganap na Nakaaalam sa mga kinikimkim sa mga dibdib o kalooban, na kung kaya, matakot kayo sa Kanya na kayo ay nakikita Niya na kinikimkim ninyo ang pagdududa o di kaya ay ang pagsamba ninyo ng iba bukod sa Kanya, o di kaya ay ang pagdududa ninyo sa pagiging Propeta ni Propeta Muhammad o di kaya ay makagawa kayo ng paglabag bukod dito.


هُوَ ٱلَّذِى جَعَلَكُمْ خَلَٰٓئِفَ فِى ٱلْأَرْضِ ۚ فَمَن كَفَرَ فَعَلَيْهِ كُفْرُهُۥ ۗ وَلَا
يَزِيدُ ٱلْكَٰفِرِينَ كُفْرُهُمْ عِندَ رَبِّهِمْ إِلَّا مَقْتًا ۖ وَلَا يَزِيدُ ٱلْكَٰفِرِينَ
كُفْرُهُمْ إِلَّا خَسَارًا ﴿٣٩﴾ قُلْ أَرَءَيْتُمْ شُرَكَآءَكُمُ ٱلَّذِينَ تَدْعُونَ مِن
دُونِ ٱللَّهِ ۖ أَرُونِى مَاذَا خَلَقُوا۟ مِنَ ٱلْأَرْضِ أَمْ لَهُمْ شِرْكٌ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ
أَمْ ءَاتَيْنَٰهُمْ كِتَٰبًا فَهُمْ عَلَىٰ بَيِّنَتٍ مِّنْهُ ۚ بَلْ إِن يَعِدُ ٱلظَّٰلِمُونَ
بَعْضُهُم بَعْضًا إِلَّا غُرُورًا ﴿٤٠﴾ إِنَّ ٱللَّهَ يُمْسِكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ
وَٱلْأَرْضَ أَن تَزُولَا ۚ وَلَئِن زَالَتَآ إِنْ أَمْسَكَهُمَا مِنْ أَحَدٍ مِّنۢ بَعْدِهِۦٓ ۚ
إِنَّهُۥ كَانَ حَلِيمًا غَفُورًا ﴿٤١﴾ وَأَقْسَمُوا۟ بِٱللَّهِ جَهْدَ أَيْمَٰنِهِمْ لَئِن
جَآءَهُمْ نَذِيرٌ لَّيَكُونُنَّ أَهْدَىٰ مِنْ إِحْدَى ٱلْأُمَمِ ۖ فَلَمَّا جَآءَهُمْ نَذِيرٌ
مَّا زَادَهُمْ إِلَّا نُفُورًا ﴿٤٢﴾ ٱسْتِكْبَارًا فِى ٱلْأَرْضِ وَمَكْرَ ٱلسَّيِّئِ ۚ
وَلَا يَحِيقُ ٱلْمَكْرُ ٱلسَّيِّئُ إِلَّا بِأَهْلِهِۦ ۚ فَهَلْ يَنظُرُونَ إِلَّا سُنَّتَ
ٱلْأَوَّلِينَ ۚ فَلَن تَجِدَ لِسُنَّتِ ٱللَّهِ تَبْدِيلًا ۖ وَلَن تَجِدَ لِسُنَّتِ ٱللَّهِ تَحْوِيلًا
﴿٤٣﴾ أَوَلَمْ يَسِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ فَيَنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلَّذِينَ مِن
قَبْلِهِمْ وَكَانُوٓا۟ أَشَدَّ مِنْهُمْ قُوَّةً ۚ وَمَا كَانَ ٱللَّهُ لِيُعْجِزَهُۥ مِن شَىْءٍ
فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَلَا فِى ٱلْأَرْضِ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ عَلِيمًا قَدِيرًا ﴿٤٤﴾

39. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha sa inyo, O sangkatauhan! Na kayo ay nahahalinhinan ng isa pagkatapos ng isa na kapag may namatay ay may papalit na panibago, na kung kaya, sinuman ang hindi naniwala mula sa inyo ay sarili lamang niya ang kanyang pinipinsala, walang maidaragdag sa mga walang pananampalataya ang di nila paniniwala sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha kundi karagdagang galit sa Kanyang galit, at walang maidaragdag ang gawaing ito sa kanila kundi pagkaligaw at kapahamakan.

40. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga walang pananampalataya: "*Sabihin ninyo sa akin kung ano ba ang nilikha ng inyong mga sinasamba rito sa kalupaan*, *o di kaya ay mayroon ba sa mga sinasamba ninyo bukod sa Allâh ang naging kaparte* (*kahati o kasama*) *ng Allâh* (ﷻ) *sa paglikha sa kalangitan*, *o di kaya ay pinagkalooban ba Namin sila ng aklat upang ito ang pagbatayan nila bilang malilinaw na katibayan? Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan*, *kundi bagkus walang ipinangako ang mga walang pananampalataya sa isa't isa kundi pagmamayabang at panlilinlang*."

41. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagtatangan sa mga kalangitan at kalupaan upang hindi gumalaw ang mga ito sa kanilang mga kinalalagyan, at kapag gumalaw ang mga kalangitan at ang kalupaan sa mga kinaroroonan nito, sino pa ang makapagtatangan nito pagkatapos Niya. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Haleem***' – Ganap na Maunawain sa pag-aantala Niya sa pagpaparusa sa mga di-naniwala at mga masasama, na '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisi sa kanyang nagawang kasalanan at nagbalik-loob sa Kanya.

42. At sumumpa ang mga walang pananampalataya na mga Quraysh, sa Allâh (ﷻ) nang matinding pagsumpa: kapag dumating sa inyo ang Sugo mula sa Allâh (ﷻ) bilang tagapagbabala hinggil sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) ay walang pag-

aalinlangang kayo na ang nasa pinakatuwid na landas at pagsunod sa katotohanan kaysa sa mga Hudyo, mga Kristiyano at iba pa, subali't nang dumating sa kanila si Muhammad ay walang naidagdag sa kanila nito kundi paglayo sa katotohanan at pagtalikod.

43. Ang kanilang panunumpa ay walang layunin na mabuti at paghahangad ng katotohanan kundi pagmamataas sa kalupaan sa mga tao, at ang talagang layunin nila ay masamang pakana, panlilinlang at kamalian, at walang napapahamak sa masamang pakana kundi ang sinumang gumawa mismo nito, na kung kaya, may inaabangan pa ba ang mga nagmamataas na nagpapakana maliban sa parusa na nangyari sa mga katulad nila na mga nauna sa kanila? Kailanman ay hindi ka makatatagpo sa kaparaanan ng Allâh (ﷻ) ng pagbabago at paglilihis, na kung kaya, walang sinuman na may kakayahan na palitan ito at ilalayo ang parusa mula sa kanyang sarili o mula sa iba man.

44. Hindi ba naglakbay sa kalupaan ang mga walang pananampalataya na taga-Makkah upang mapagmasdan nila kung paano pinarusahan ng Allâh (ﷻ) ang nauna sa kanila na katulad ng sambayanan ni `Âd, ni Thamoud at ang mga iba pa na tulad nila, at ang anuman na nangyari sa kanila na pagkawasak at pagkasira ng kanilang mga tahanan noong tinanggihan nila ang mga Sugo gayong sila na mga walang pananampalataya na mga nauna ay mas matindi sa lakas at kapangyarihan kaysa sa mga taga-Makkah? Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), kailanman ay hindi magagapi at hindi makaliligtas sa Kanya ang anumang bagay na nasa mga kalangitan at gayundin sa mga kalupaan, dahil walang pag-aalinlangang Siya ang ``***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa kanilang mga gawain, na '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa pagpuksa sa kanila.

45. At kung paparusahan ng Allâh (ﷻ) ang tao sa kanilang mga nagawang kasalanan at kasamaan, hindi Niya pahihintulutan na mag-iwan ng kahit na anumang buhay na bagay sa ibabaw ng kalupaan, subali't pinagbibigyan Niya lamang sila at inaantala ang pagparusa sa kanila hanggang sa pagdating ng nakatakdang panahon, at kapag dumating ang itinakdang oras na pagparusa sa kanila ay katiyakang ang Allâh (ﷻ), Siya ang '***Baseer***' – Ganap na Tagapagmasid sa Kanyang mga alipin na walang anuman ang naililihim sa Kanya mula sa kanila, at walang anuman ang naitatago sa Allâh (ﷻ) hinggil sa kanilang mga kalagayan, at sila ay tutumbasan Niya ayon sa kanilang mga ginawa, mabuti man o masama.



سورة يـــس 36

XXXVI – Sûrat Yã-Sĩn

[Kabanata Yã-Sĩn – (Mga Titik) Yã-Sĩn]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Yã-Sĩn. Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2-4. Sumusumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Kabanal-banalan na Qur'ân na punung-puno ng karunungan dahil nakapaloob dito ang mga alituntunin, mga batas, mga karunungan at mga katibayan, na walang pag-aalinlangang ikaw, O Muhammad (ﷺ), ay kabilang sa mga Sugo na pinadalhan ng Allâh (ﷻ) ng Rebelasyon para sa Kanyang mga alipin ('*Jinn*' at tao), at ikaw ay nasa Matuwid na Landas na ito ay ang Islâm.

5. Itong Dakilang Qur'ân ay ipinahayag ng Allâh (ﷻ) na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan, na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang pagpaparusa sa mga walang pananampalataya at mga makasalanan, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa sinumang nagsipagsisi mula sa Kanyang alipin at gumawa ng kabutihan.

6. Ipinahayag Namin ito sa iyo, O Muhammad (ﷺ), upang balaan ang mga tao na hindi dumating sa kanilang mga ninuno at magulang na nauna sa iyo ang mensahe, na sila ay hindi nabalaan, na sila ay yaong mga Arabo, na sila ay ang mga tao na nalinlang mula sa paniniwala at pagpapakatuwid sa mabuting gawa. Sa bawa't sambayanan na matitigil sa kanila ang babala ay malilinlang

Dito sa talatang ito ang katibayan na nararapat sa may kaalaman sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang batas ang mag-anyaya at magpaalaala upang gisingin ang mga Muslim sa kanilang kahibangan.

7. Katiyakan, naging karapat-dapat ang parusa sa karamihan sa kanila na mga walang pananampalataya, pagkatapos ihayag sa kanila ang katotohanan at tinanggihan nila, dahil sila ay hindi naniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at hindi sumusunod sa Kanyang batas.

8. Katiyakan, ginawan Namin ang mga walang pananampalataya na tumanggi na ipinakita sa kanila ang katotohanan at pagkatapos ay kanilang tinanggihan at nanatili sila sa pagtanggi at di-paniniwala, ng kadena na nakapulupot sa kanilang mga leeg at isinama sa pagkakadena ng kanilang mga leeg ang kanilang mga kamay na nasa ilalim ng kanilang mga baba, na kung kaya, napilitan sila na itingala ang kanilang mga ulo paitaas, samakatuwid, naipagkait sa kanila ang anumang kabutihan, at hindi na nila nakikita ang katotohanan at hindi na sila nagabayan tungo rito.

9. At naglagay Kami ng harang sa harapan ng mga walang pananampalataya at gayundin sa kanilang likuran ng isa pang harang, kaya katulad sila ng hinarangan sa harapan at sa likuran, na kung kaya, nabulag na ang kanilang mga mata; dahil sa kanilang di-paniniwala at pagmamataas, na kung kaya, hindi na nila nakikita ang patnubay at hindi na sila nagagabayan, samakatuwid, sinuman ang natagpuan ang paanyaya ng Islâm at pagkatapos ay tinalikuran at nagmatigas ay karapat-dapat sa ganitong kaparusahan.

10. Pareho rin lamang sa kanila na hindi naniwala at nagmatigas, O Muhammad (ﷺ), kung balaan mo man sila o di mo na sila babalaan ay hindi na sila maniniwala at hindi na rin sila susunod.

11. Ang makikinabang lamang sa iyong babala, ay ang sinumang naniwala lamang sa Qur'ân at sumunod sa anumang nakapaloob dito na batas ng Allâh (ﷻ), at natakot sila sa Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin dahil walang sinuman ang nakakakita sa kanya bukod sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, ipamalita mo sa kanya ang magandang balita ng kapatawaran mula sa Allâh (ﷻ) sa kanyang mga kasalanan, at ang gantimpala mula sa Kanya sa Kabilang-Buhay sa lahat ng kanyang mga mababuting gawain, na ito ay '*Al-Jannah*' (Hardin).

12. Katiyakan, bubuhayin Namin na mag-uli ang lahat ng namatay sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at itatala Namin ang lahat ng kanilang nagawa na masama at mabuti, at ang mga bakas ng kanilang mga nagawang kabutihan sa kanilang buhay pagkatapos nilang mamatay, katulad ng mabuting anak, mabuting kaalaman, kawanggawa, at gayundin ang masama na katulad ng pagsamba ng iba at paglabag sa Allâh, at ang lahat ng mga ito ay itatala Namin sa malinaw na talaan na ito ang pinakatalaan ng lahat ng talaan, na roon bumabalik ang lahat, na ito ay '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*.' Na kung kaya, sa sinumang may kaisipan ay nararapat niyang suriin ang kanyang sarili; upang siya ay maging huwaran sa kabutihan sa kanyang sarili at pagkatapos niyang mamatay.



13-14. At magbigay ka ng halimbawa, O Muhammad (ﷺ), sa mga walang pananampalataya mula sa iyong sambayanan, na tinatanggihan nila ang iyong paanyaya, ng halimbawa na mauunawaan nila, na ito ay kuwento ng isang bayan, nang dumating sa kanila ang mga Sugo, noong nagpadala Kami sa kanila ng dalawang Sugo upang aanyayahan sila sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagtalikod sa pagsamba ng iba, subali't tinanggihan ng bayang ito ang dalawang Sugo, na kung kaya, nagdagdag pa kami ng pangatlo upang patatagin ang dalawa, at sinabi ng tatlo sa nanirahan sa bayan na yaon: "*Katiyakan*, *kami ay ipinadala sa inyo bilang mga Sugo*."

15. Sinabi ng mga nanirahan sa bayan na yaon sa mga Sugo: "*Kayo ay hindi hihigit na mga tao lamang na katulad din namin*, *at hindi nagpahayag ang Allâh na Pinakamahabagin ng anumang Rebelasyon*. *At kayo*, *O kayong mga Sugo ay mga nagsisinungaling*."

16-17. Sinabi ng mga Sugo bilang pagtitiyak: "*Ang Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na nagpadala sa amin ang Siyang Ganap na Nakaaalam na kami ay mga Sugo para sa inyo*, *at wala kaming tungkulin kundi iparating lamang nang malinaw ang mensahe*, *at wala kaming kakayahan na gabayan kayo dahil ang gabay ay pagmamay-ari lamang ng Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi.*"

18. Sinabi ng mga naninirahan sa bayan na yaon: "*Katiyakan*, *nakikita namin na wala na kaming pag-asa sa inyo na mabuti*, *na kung kaya*, *kapag hindi kayo tumigil sa inyong paanyaya sa amin ay papatayin namin kayo sa pamamagitan ng pagbabato at magaganap sa inyo mula sa amin ang masidhing parusa*."

19. Sinabi ng mga Sugo: "*Ang inyong kawalan ng pag-asa at ang masama ninyong gawain na pagsamba ng iba ay ito ang kasamaan na nasa inyo at sa inyo rin babalik*, *dahil kapag pinapayuhan ba kayo ng mabuti ay tinatawag ninyo itong masamang*

pangitain at hinahamon ninyo kami ng pagpatay at pagparusa? Gayong ang katotohanan ay kayo ang lumampas ng hangganan sa pagiging masama at pagtanggi."

20-21. At dumating mula sa isang malayong lugar sa dulo ng siyudad ang isang lalaki na nagmamadali (nang malaman niya na ang mga nanirahan sa bayan ay nagbalak na patayin ang mga Sugo o di kaya ay parusahan), sinabi niya: "*O aking sambayanan! Sundin ninyo ang mga Sugo na ipinadala sa inyo mula sa Allâh* (ﷻ), *sundin ninyo sila dahil hindi sila humihingi ng kabayaran sa kanilang pagpaparating ng mensahe*, *dahil sila ay ginabayan sa kanilang pag-anyaya sa inyo tungo sa pagsamba sa Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi*."

Dito sa talatang ito ang katangian ng sinumang nagpupunyagi sa pag-uutos ng mabuti at pagbabawal ng masama.

22. "*At bakit hindi ko sasambahin ang Allâh* (ﷻ) *na Siyang lumikha sa akin at sa Kanya kayo ay magbabalik lahat?*

23-25. "*Sasamba ba ako ng iba na mga diyus-diyusan bukod sa Allâh na walang anumang magagawa*, *at kapag ninais ng Allâh* (ﷻ) *na Pinakamahabagin na gumawa ng kapinsalaan sa akin ay walang magagawa sa anumang kaparaanan ang mga diyus-diyusan na ito para ito'y pigilin sa akin at wala ring kakayahan para ako ay iligtas mula rito?*

"*Sa katunayan*, *kapag ito ay ginawa ko*, *walang pag-aalinlangang ako ay nasa malinaw na kamalian. Na kung kaya*, *ako ay naniwala sa Kanya na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha* (*Allâh* ﷻ), *na kung kaya*, *makinig kayo sa anumang sasabihin ko sa inyo at sumunod kayo sa paniniwala sa Kanya*."

At nang sinabi niya ito ay nagdagsaan ang mga tao sa kanya at pinatay siya, na kung kaya, pinapasok siya kaagad ng Allâh (ﷻ) sa '*Al-Jannah*' (Hardin).

26. Sinabi sa kanya pagkatapos niyang mamatay: "*Pumasok ka na sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*) *bilang parangal sa iyo*."

27. Sinabi niya, habang siya ay nasa maligayang pamumuhay at pagpaparangal: "*Kung nabatid lamang sana ng aking sambayanan ang pagpapatawad ng aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa akin at pagpaparangal sa akin*; *dahil sa aking paniniwala sa Allâh* (ﷻ) *at pagtitiis ko habang Siya ay aking sinusunod*, *pagsunod ko sa Kanyang mga Sugo*, *hanggang sa ako ay pinatay*, *upang sila ay maniwala sa Allâh* (ﷻ) *at makapasok sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*) *na tulad ko*."



28. At hindi na nangangailangan ang pangyayaring ito na magpadala pa Kami ng sundalo mula sa kalangitan upang sila ay parusahan pagkatapos nilang patayin ang lalaki na nagpayo sa kanila at pinasinungalingan ang mga Sugo dahil sa sila ay mga mahihina, at hindi na Namin kinakailangan pang magpababa ng mga anghel para sa mga sambayanan upang sila ay Aming puksain kundi magpapadala na lamang Kami ng parusa para sila ay wasakin.

29. Hindi nangyari ang pagwasak sa kanila kundi sa pamamagitan lamang ng isang malakas na ingay, na sa pamamagitan nito ay namatay silang lahat at walang natira sa kanila.

30. Kahabag-habag sa mga tao at sa kanilang pagsisisi sa Araw ng Muling Pagkabuhay kapag nakita na nila ang parusa, dahil walang sinumang Sugo na ipinapadala mula sa Allâh (ﷻ) nang hindi nila kinukutya at minamaliit.

31. Hindi ba nila nakita na mga nangungutya at mapagkunan man lamang ng aral ang mga nauna sa kanila na iba't ibang nakalipas na henerasyon na pinuksa Namin at kailanman sila ay hindi na makababalik pa sa daigdig?

32. At lahat ng mga henerasyon na ito na Aming pinuksa at ang iba pa kaysa kanila ay titipuning lahat tungo sa Amin sa Araw ng Muling Pagkabuhay para sa Paghuhukom at Pagbabayad.

33. At ang katibayan para sa kanila na mga walang pananampalataya hinggil sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) sa pagbubuhay na mag-uli: ay itong patay (o tuyot) na kalupaan na walang anumang tumutubong pananim ay binubuhay Namin sa pamamagitan ng pagpapadala ng tubig-ulan, at pinasisibol Namin mula rito ang iba't ibang pananim na kinakain ng tao at mga hayop. Na kung kaya, sinuman ang nagbubuhay ng kalupaan sa pamamagitan ng pagpapasibol ng mga luntian (mga

tumutubong halaman o pananim) ay Siya rin ang bubuhay na mag-uli sa Kanyang nilikha pagkatapos ng kamatayan.

34. Ginawa Namin dito sa kalupaang ito ang mga hardin ng mga datiles at mga ubasan, at pinabubulwak Namin dito ang mga bukal ng tubig upang ito ay diligin.

35. Lahat ng ito ay upang mabuhay ang mga alipin mula sa bunga nito, at ito ay walang iba kundi mula sa Awa ng Allâh (ﷻ) sa kanila at hindi dahil sa kanilang pagpupunyagi at pagpapagod, at hindi rin sa kanilang talino at lakas, na kung kaya, hindi ba sila dapat na magpasalamat sa mga biyayang ito sa kanila, na ang mga ito ay mula sa mga biyaya na napakarami na hindi kayang bilangin?

36. Na kung kaya, luwalhati sa kadakilaan ng Allâh (ﷻ) na Siyang lumikha ng lahat ng iba't ibang uri ng mga pananim na ito sa kalupaan, at gayundin sa mga sariling uri nila na mga kalalakihan at kababaihan, at sa iba pa na mga nilikha ng Allâh (ﷻ) na hindi nila alam. Siya ay Bukod-Tangi sa paglikha na hindi kailanman nararapat na magkaroon Siya ng katambal.

37. At ang isa pang tanda para sa kanila sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang ganap na kakayahan: ay ang gabi, na inaalis Namin sa pamamagitan nito ang liwanag ng araw kapag ito ay dumating, na kung kaya, ang mga tao ay nasa kadiliman na.

38. At ang tanda pa rin para sa kanila ay ang araw na umiikot lamang mismo sa sariling kinalalagyan nito, na ito ay itinakda ng Allâh (ﷻ) na hindi ito maaaring lumampas at hindi rin ito maaaring bawasan, kundi ito ay ganap na sasang-ayon sa kung ano ang eksaktong itinakda para rito, at ito ay pagtakda ng Allâh (ﷻ) na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan, na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam na walang anumang naililihim sa Kanya.

39. At ang buwan ay tanda pa rin para sa kanila ang paglikha nito, at sinukat Namin ang daraanan nito sa bawa't gabi, na mag-uumpisa ito bilang isang maliit na gasuklay (o '*crescent*') hanggang sa ito ay maging isang bilog na buwan, at pagkatapos ay babalik na naman ito sa kaliitan na katulad ng matandang baluktot na tuyong sanga ng datiles dahil sa nipis, pagkabaluktot at pagkadilaw nito.

40. At lahat ng ito: araw, buwan, gabi at araw ay may kani-kanyang oras na itinakda ang Allâh (ﷻ) sa bawa't isa rito na hindi nito lalampasan, na kung kaya, hindi maaaring maabot ng araw ang buwan upang mabura nito ang kanyang liwanag o di kaya ay babaguhin nito ang kanyang dinaraanan, at hindi rin maaari sa gabi na mauunahan nito ang araw, na papasok ito rito bago matapos ang oras ng araw, ang lahat ng ito: araw, buwan at mga '*heavenly bodies*' ay lumulutang sa mga sariling '*orbit*' (o ligiran) nito.



41. At tanda pa rin para sa kanila na ang Allâh (ﷻ) ang Bukod-Tangi na karapat-dapat na sambahin at nagkakaloob ng mga biyaya, ay Kami ang nagdala sa lahat ng nakaligtas na angkan ni Âdam sa Arka ni Nûh na punung-puno ng iba't ibang uri ng mga nilikha, upang mapanatili ang lahi nito pagkatapos ng delubyo (o malaking baha).

42. At ginawa Namin para sa kanila na walang pananampalataya at sa iba pa, ang katulad ng Arka ni Nûh na sasakyang pantubig at iba pa na mga sasakyan, na kanilang sinasakyan at ipinararating sila sa kanilang mga bayan.

43. At kung nais Namin na sila ay malunod ay hindi na sila makatatagpo pa ng sinumang sasaklolo sa kanila mula sa kanilang pagkalunod, at walang sinupaman ang makapagliligtas sa kanila.

44. Maliban sa kung sila ay kinaawaan Namin at iniligtas Namin upang sila ay makapagsaya pansamantala; baka sakali na sila ay magbalik-loob at pagpunan nila ang anuman na kanilang pagkukulang.

45. At kapag sinabi sa mga walang pananampalataya: "*Katakutan ninyo ang Kabilang-Buhay at ang mga kalagiman na mangyayari roon at gayundin sa mga sakuna na mangyayari rito sa daigdig na mga parusa*; *nang sa gayon ay hangarin nila ang Awa ng Allâh* (ﷻ) *para sa kanila*, *subali't sila ay tumanggi at hindi tumanggap ng pagpapayo*."

46. At walang anumang dumating sa kanila na mga walang pananampalataya na malinaw na palatandaan mula sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha; upang sila ay gabayan sa katotohanan at patunayan sa kanila ang pagiging totoo ng Sugo sa kanila, kundi sila ay tumanggi at hindi pakikinabangan ang mga ito.

47. At kapag sinabi sa mga walang pananampalataya: "*Gumasta kayo mula sa kabuhayan na ipinagkaloob ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo*," sasabihin nila sa mga mananampalataya bilang pangangatwiran: "*Bubuhayin ba namin at pakakainin namin ang sinuman na kapag ninais ng Allâh na pakainin ay mapapakain Niya? Na kung kaya*, *kayong mga naniwala ay nasa malinaw na pagkakamali dahil sa inyong mga ipinag-uutos sa amin*."

48. At sinasabi ng mga walang pananampalataya bilang pagtanggi at pagmamadali: "*Kailan pa ba mangyayari ang Muling Pagkabuhay kung kayo ay totoo sa inyong mga sinasabi?*"

49. Walang inaabangan ang mga walang pananampalataya sa kanilang pagmamadali sa babala ng Allâh (ﷻ) kundi isang sigaw ng unang ihip ng trumpeta lamang sa oras ng pagkagunaw ng daigdig, at sila ay kukubkubin nang biglaan, habang sila ay nagtatalu-talo dahil sa kanilang kabuhayan dito sa daigdig.

50. At hindi magkakaroon ng kakayahan ang mga walang pananampalataya sa oras ng pag-ihip ng trumpeta na makapaghabilin pa sa sinuman, at hindi na sila makababalik sa kanilang pamilya, kundi sila ay mamamatay na roon sa kanilang mga pamilihan at sa kinaroroonang lugar.

51. At pagkatapos ay hihipan ang trumpeta sa ikalawang pagkakataon, at ibabalik sa kanilang mga katawan ang kanilang mga kaluluwa, at sila ay kaagad na lamang lilitaw mula sa kanilang mga libingan na patungo sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha nang mabilisan.

52. Sasabihin ng mga walang pananampalataya sa Araw ng Muling Pagkabuhay bilang pagsisisi: "*Kapighatian sa amin*, *sino ang nagpabangon sa amin mula sa aming mga libingan?*" Sasagutin sila at sasabihin sa kanila: "*Ito ang ipinangako ng Allâh* (ﷻ) *na Pinakamahabagin at iniulat ng mga matatapat na mga Sugo!*"

53. Ang pagbangon mula sa mga libingan ay sa pamamagitan lamang ng isang malakas na pag-ihip sa trumpeta, pagkatapos lahat ng nilikha ay sa Amin haharap para sa Paghuhukom at Pagbabayad!

54. Sa Araw na ito, magaganap ang makatarungang paghuhukom, na kung kaya, walang sinuman ang dadayain na mabawasan ang kanyang kabutihan o di kaya ay maragdagan ang kanyang kasalanan, at walang pagbabayad na magaganap kundi ito ay bunga rin lamang ng inyong nagawa sa daigdig.



55. Katiyakan, ang mga maninirahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin) sa Araw na yaon ay abalang-abala na di nila mapapansin ang iba dahil sa kaluguran at iba't ibang uri ng mga biyaya na kanilang tinatamasa.

56. Sila at ang kanilang mga asawa ay nagpapakasaya sa pag-upo sa magagarang upuan na may mga palamuti na nasa ilalim ng mga maginhawa at kaiga-igayang lilim.

57. Para pa rin sa kanila sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ay iba't ibang uri ng mga masasarap na prutas, at para sa kanila ang anuman na kanilang nais na iba't ibang uri ng biyaya.

58. Para pa rin sa kanila ang nakahihigit na uri ng biyaya na ito ay kapag nakipag-usap sa kanila ang Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na '***Raheem***' – Ganap na Mapagmahal at Napakamaawain sa kanila bilang pagbabati ng '*Salâm*' (kapayapaan). At doon ay mabubuo na sa kanila ang pinakamataas na uri ng kapayapaan sa lahat ng pagkakataon.

59. At sasabihin sa mga walang pananampalataya sa Araw na yaon: "*O kayo na mga* '*Mujrimûn*' (*mga kriminal*, *mga masasama*, *mga makasalanan*, *mga tumanggi sa Kaisahan ng Allâh*, *mga sumamba ng iba bukod sa Allâh o naglagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh*)*! Bumukod na kayo sa mga mananampalataya at lumayo na kayo sa kanila*."

60. At sasabihin ng Allâh (ﷻ) sa kanila bilang pag-aalipusta at pagpapaalaala sa kanila sa nakaraan: "*Hindi ba pinagpayuhan Ko kayo*, *O mga anak ni Âdam*, *sa pamamagitan ng pagpapayo ng Aking mga Sugo na huwag ninyong sambahin si* '*Shaytân*' *at huwag kayong sumunod sa kanya? Dahil siya sa katotohanan ay malinaw ninyong kalaban.*

61. "*At inutusan Ko kayo na sambahin lamang Ako nang bukod-tangi*, *dahil sa ang pagsamba at pagsunod lamang sa Akin at pagsalungat kay* '*Shaytân*' *ay ito ang Matuwid na Landas na Daan patungo sa Aking Pagmamahal at Aking mga Hardin*.

62. "*Katiyakan*, *iniligaw ni* '*Shaytân*' *mula sa katotohanan ang marami sa inyo*, *na kung kaya*, *wala ba kayong pag-iisip*, *O kayong mga walang pananampalataya*, *na pipigil sa inyo sa pagsunod sa kanya?*

63. "*Ito ang Impiyernong-Apoy na ipinangako sa inyo sa daigdig dahil sa inyong di-paniniwala sa Allâh at pagtanggi sa Kanyang mga Sugo*.

64. "*Pumasok na kayo rito ngayon at lasapin ninyo ang lagablab nito*; *dahil sa inyong di-paniniwala*."

65. Ngayon ay isasara Namin ang mga bibig ng mga walang pananampalataya, na kung kaya, hindi na sila makapagsasalita, at ang kanilang mga kamay ay mag-uulat sa Amin hinggil sa kung ano mismo ang ginawa nito, at titestigo sa Amin ang kanilang mga paa kung paano ito nagpunyagi sa daigdig at kung ano ang nagawa nito na mga kasalanan.

66. At kung gugustuhin Namin ay buburahin (o bubulagin) Namin ang kanilang mga mata upang hindi na sila makakita na tulad ng ginawa Naming pagsara sa kanilang mga bibig, upang sila ay magsipag-unahan sa '*As-Sirât*' (tulay sa ibabaw ng Impiyerno) para sila ay makatawid, subali't paano ito mangyayari sa kanila kung nawalan na sila ng mga paningin?

67. At kung gugustuhin Namin ay babaguhin Namin ang kanilang anyo at pananatilihin Namin sila sa kanilang kinaroroonan, na kung kaya, hindi na sila magkakaroon pa ng kakayahan na humakbang paharap (o pasulong) at hindi rin sila magkakaroon ng kakayahan na umatras pabalik.

68. At sinuman ang pahahabain Namin ang kanyang buhay hanggang sa siya ay tumanda ay ibabalik Namin siya sa dati niyang kahinaan na tulad noong siya ay murang edad pa lamang na kahinaan ng kaisipan at katawan, na kung kaya, hindi ba nila iniisip na ang sinumang may kakayahan na gawin ito ay kaya rin Niyang buhaying sila na mag-uli?

69-70. At hindi Namin tinuruan si Muhammad (ﷺ) ng tula, at hindi angkop sa kanya ang pagiging manunula, kundi ang anuman na kanyang dala-dalang mensahe ay paalaala lamang sa mga nagtatangan ng talino at malinaw na Aklat na Dakilang Qur'ân dahil sa mga batas, mga karununga at mga pagpapayo na nakapaloob dito; upang balaan ang sinuman na buhay ang kanyang puso na nakikita niya ang liwanag, at maging karapat-dapat ang parusa sa mga di-naniniwala sa Allâh; dahil naitatag na sa kanila ang katibayan ng Dakilang Qur'ân bilang ganap na katibayan ng Allâh (ﷻ).



71. Hindi ba nakita ng mga tao kung paano Namin nilikha sa pamamagitan ng Aming mga Kamay para sa kanila ang mga hayop upang maging madali ang pakinabang nila rito, at ito ay kanilang nakukuntrol?

72. At ito ay nilikha Namin para sa kanilang kapakinabangan, na mayroon mula rito ang kanilang sinasakyan sa kanilang paglalakbay, at nagdadala para sa kanila ng kanilang mga mabibigat na dalahin at mayroon din naman sa mga ito ang kanilang kinakain.

73. At para sa kanila mula rito ang iba pang kapakinabangan na nakakamtan nila, katulad ng pakinabang sa mga balahibo nito, buhok (‘*fur*’) upang maging palamuti sa tahanan, kasuotan at iba pa, iniinom nila ang gatas nito, na kung kaya, di ba karapat-dapat lamang na magpasalamat sila sa Allâh (ﷻ) na Siyang nagkakaloob sa kanila ng mga ganitong biyaya at Siya lamang ang kanilang sasambahin?

74. At gumawa ang mga walang pananampalataya ng mga diyus-diyusan bukod sa Allâh na kanilang sinasamba; sa pag-aakalang ito ay makatutulong sa kanila at maililigtas sila mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

75. Hindi magkakaroon ng kakayahan ang mga diyus-diyusan na ito na tulungan ang mga sumamba sa kanila dahil mismo ang kanilang mga sarili ay hindi nila matutulungan, at ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh at ang kanilang sinamba na diyus-diyusan, silang lahat ay lilikumin sa kaparusahan at itatanggi nila ang isa’t isa.

76. Na kung kaya, huwag mong ikalungkot, O Muhammad (ﷺ), ang kanilang di-paniniwala sa Allâh, ang kanilang pagtanggi at kanilang pag-aalipusta sa iyo; dahil katiyakang Ganap na Nababatid Namin kung ano ang kanilang kinikimkim at kung ano ang kanilang inilalantad, at ayon dito Amin silang tutumbasan.

77. Hindi ba nakikita ng tao na hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay ang umpisa ng paglikha sa kanya upang maging katibayan para sa kanya sa kanyang pagkabuhay na mag-uli, dahil walang pag-aalinlangang nilikha Namin siya mula sa '*Nutfah*' na dumaan sa iba't ibang yugto ng pagkalikha hanggang siya ay lumaki, at ngayon pagmasdan, siya mismo ang kumakalaban, na matindi ang kanyang pakikipaglaban at malinaw ang pakikipagtalo?

78. At nagbigay sa Amin ng halimbawa ang hindi naniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli ng halimbawa na hindi maaaring ihalimbawa, dahil inihambing niya ang kapangyarihan ng nilikha sa kapangyarihan ng Tagapaglikha, at nakalimutan niya ang umpisa ng paglikha sa kanya at kanyang sinabi: "*Sino pa ba ang makapagbibigay ng buhay sa mga buto pagkatapos nitong mabulok at maging mga alabok?*"

79. Sabihin mo sa kanya: "*Ang bubuhay na mag-uli sa kanila ay Siya na lumikha sa kanya sa unang pagkakataon*, *dahil Siya ang Ganap na Nakaaalam sa Kanyang nilikha at walang anuman ang naililihim sa Kanya*."

80. Na Siyang nagpalitaw para sa inyo ng apoy na nakasusunog mula sa luntiang puno na sariwa, at kayo mula roon ay nagsisipagsindi ng apoy, na kaya rin Niya kung gayon na palabasin ang isang bagay mula sa kabaligtaran nito. At nandito ang katibayan hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Ganap na Kapangyarihan, at kabilang sa Kanyang Ganap na Kapangyarihan ay pagpalitaw ng mga namatay mula sa kanilang mga libingan bilang mga buhay.

81. Hindi ba Siya na lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at ang anuman na mga nasa loob nito, ang Siya ring may kakayahan na lumikha ng mga katulad nila at ibabalik lamang sila sa kung paano ang pagkalikha sa kanila sa una? Tunay nga, na Siya ang may kakayahan nito, dahil Siya ay '***Al-Khallâqul `Aleem***' – ang Tagapaglikha sa lahat ng mga nilalang, na Ganap na Nakaaalam sa anuman na Kanyang nilikha at maging ang lilikhain pa lamang at walang anuman ang naililihim sa Kanya.

82. Ang pamamaraan lamang ng Allâh (ﷻ) ay kapag ninais Niya ang isang bagay ay sasabihin Niya lamang: '*Kun fayakun!*,' '***Mangyari***' at ito ay mangyayari! At kabilang dito ay ang pagsasanhi ng kamatayan at pagbibigay ng buhay, at gayundin ang pagbubuhay na mag-uli.

83. Na kung kaya, luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Siya ay dalisay na malayo sa anumang kahinaan at katambal, na Siya ang Nagmamay-ari ng lahat ng bagay, na Nangangasiwa sa lahat ng Kanyang nilikha na wala Siyang kahati at walang makapipigil sa Kanya, at dito ipinakita ang mga palatandaan ng Kanyang kapangyarihan at sa kabuuan ng Kanyang biyaya, at sa Kanya kayo magbabalik para sa Paghuhukom at Pagbabayad.

سورة الصافات 37

XXXVII – Sûrat As-Sâffât

[**Kabanata As-Sâffât** – Ang Mga Yaong Nakahanay Nang Pantay-Pantay na mga Anghel]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-4. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng mga anghel sa kanilang pagsamba nang pantay-pantay na hanay at sa mga anghel na nagtutulak ng mga ulap sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at sa mga anghel na binibigkas nila ang mga papuri sa Allâh (ﷻ) at ang Kanyang Salita. Katiyakan, ang inyong '*ilâh*' o diyos na sinasamba, O kayong mga tao, ay nag-iisang '*Ilâh*' lamang na walang katambal, na kung kaya, maging taos-puso ang inyong pagsamba sa Kanya at pagsunod.

Sumusumpa ang Allâh (ﷻ) sa sinuman na Kanyang nais sa Kanyang nilikha, subali't ang Kanyang mga nilikha ay hindi maaaring sumumpa sa iba bukod sa Kanya sapagka't ang panunumpa sa iba bukod sa Allâh ay isang '*Shirk*.'

5. Siya ang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan at ang anuman na nasa pagitan nitong dalawa, at Siya ang '*Rabb*' na Tagapangasiwa sa araw sa pagsikat nito at paglubog nito (o sa mga sinisikatan nito at mga nilulubugan nito).

6. Katiyakan, pinalamutian Namin ang mababang kalangitan ng palamuti na mga bituin.

7. At pinangalagaan Namin ang kalangitan sa pamamagitan ng mga bituin mula sa mga naghimagsik na mga '*Shaytân*' na isinumpa.

8-9. Hindi makakayanan ng mga '*Shaytân*' na makarating sa mga grupo ng mga matataas na nilikha, na ito ay mga kalangitan at ang sinuman na naroroon na mga anghel, upang makinig sa kanila sa anuman na kanilang sinasabi na ipinapahayag ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang batas at pagtatakda, at sila (mga '*Shaytân*') ay binabato sa pamamagitan ng mga bulalakaw sa lahat ng dako; upang sila ay itaboy at ilayo sa anumang pakikinig, at para sa kanila sa Kabilang-Buhay ang masidhing kaparusahan.

10. Maliban sa sinumang nagnanakaw ng pakikinig mula sa mga '*Shaytân*,' na ito ay salita na mabilisan ang pagkarinig nila rito mula sa kalangitan, at ipaparating noong nakarinig sa sinumang nasa ibaba niya, at ipaparating naman noong nasa ibaba niya sa kasunod na nasa ibaba niya, hanggang sa ito ay mapasa-pasa sa kababa-babaan, at maaaring tumama sa kanya ang bulalakaw na nagliliyab bago niya ito maiparating sa iba at siya ay masunog, at maaari rin namang ito ay maiparating niya dahil sa ito ay itinakda ng Allâh (ﷻ) bago tumama sa kanya ang bulalakaw, at ito ay dadalhin niya sa iba hanggang sa makarating sa mga manghuhula, at hahaluan na nila ito ng isang daang kasinungalingan.

11. Na kung kaya, tanungin mo, O Muhammad (ﷺ), ang hindi naniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli, kung mas mahirap ba silang likhain o ang mga ibang nilikhang ito? Dahil katotohanang nilikha Namin ang ama nila na si Âdam (عليه السلام) mula sa madikit (malagkit) na alabok na pinagsama-sama.

12. Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan, subali't mamamangha ka, O Muhammad (ﷺ), sa kanilang pagpapasinungaling at pagtanggi sa Pagkabuhay na Mag-uli, at mas nakamamangha pa kaysa sa kanilang pagtanggi ang kanilang pag-aalipusta sa iyo at panlalait sa mga sinasabi mo.

13. At kapag pinaaalalahanan sila hinggil sa anuman na kanilang nakaligtaan ay hindi pinahahalagahan ang pagpapaalaala at hindi nila pinag-aaralan.

14. At kapag nakakita sila ng katibayan mula sa Allâh (ﷻ) na nagpapatunay ng iyong pagiging Propeta ay minamaliit at pinagtatakhan nila.

15-17. At kanilang sasabihin: "*Ang anuman na dala-dala mo ay walang iba kundi salamangka na malinaw sa pagiging salamangka nito! Kapag kami ba ay patay na at naging alabok na at ang aming mga buto ay nagkandudurug-durog na ay palalabasin pa ba kami mula sa aming mga libingan na mga buhay? At gayundin ang aming mga ninuno*, *bubuhayin pa ba rin sila na mag-uli gayong matagal na silang wala?*"

18. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Oo*, *bubuhayin kayo na mag-uli at kayo ay mga hamak at mga walang halaga*."

19. Sa pamamagitan lamang ng isang (nakabibinging) ingay ng pag-ihip sa trumpeta, at pagmasdan, sila ay nakatayo mula sa kanilang mga libingan na titig na titig sa kagimbal-gimbal na pangyayari sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

20. At kanilang sasabihin: "*Kapighatian sa amin! Ito na ba ang Araw ng Paghuhukom at Pagbabayad?*"

21. Sasabihin sa kanila: "*Ito ang Araw ng Pagpapasiya sa pagitan ng nilikha na makatarungang pagpapasiya na hindi ninyo pinaniwalaan sa daigdig at kinagawian ninyo na tanggihan*."

22-23. "*Tipunin ninyo ang mga hindi naniwala sa Allâh at ang kanilang mga kasamahan*, *gayundin ang kanilang mga sinasamba bukod sa Allâh*, *at kaladkarin ninyo sila nang matinding pagkaladkad tungo sa Impiyernong-Apoy*.

24. "*At patigilin ninyo sila bago sila makarating sa Impiyerno*; *dahil sila ay papapanagutin sa anuman na kanilang nagawa at mga sinabi noong sila ay nasa daigdig pa at tatanungin sila na may paghamak na pagtatanong*."



25. At sasabihin sa kanila bilang pag-aalipusta: "*Bakit hindi kayo nagtutulungan sa isa't isa?*"

26. Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan! Kundi sa Araw na yaon ay susuko sila sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at hindi nila sasalungatin ang Allâh (ﷻ) at hindi sila lilihis, at wala silang maitutulong na anuman sa kanilang mga sarili.

27. At maghaharap sa isa't isa ang mga walang pananampalataya at magsisisihan at magtatalu-talo.

28. Sasabihin ng mga sumunod sa kanilang mga sinunod: "*Katiyakan, kinaugalian ninyo na kayo ay dumarating sa amin na nagpapanggap na kunwa'y ang dala-dala ay katotohanan at pinababalewala ninyo sa amin ang Batas at nilalayo ninyo kami mula rito at pinagaganda ninyo sa amin ang bawa't kasamaan at pagkaligaw.*"

29. Tumugon ang sinunod sa mga sumunod sa kanila: "*Katiyakan, hindi ang inyong inaangkin ang katotohanan, kundi ang inyong mga puso ang tumanggi sa paniniwala at tumanggap ng di-paniniwala at paglabag.*"

30. "*At wala kaming katibayan para sa inyo o di kaya ay lakas upang pigilan kayo mula sa paniniwala, kundi kayo ay mga tao na lumampas sa hangganang itinakda ng Allâh* (ﷻ)*.*

31. "*Na kung kaya, naging makatarungan sa atin ang mga babala ng ating 'Rabb' na Tagapaglikha, at tayo sa katotohanan ay matitikman ang kaparusahan, kami at kayo, dahil sa ating nagawang kasalanan at paglabag noong tayo ay nasa daigdig pa.*

32. "*At iniligaw namin kayo mula sa Daan ng Allâh at paniniwala sa Kanya, at kami sa katotohanan ay ligaw na bago pa man, na kung kaya, napahamak kami dahil sa aming di-paniniwala at hinamak namin kayo sa pamamagitan ng pagsama ninyo sa amin.*"

33. Na kung kaya, ang mga sumunod at ang mga sinunod ay magkakasama sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa kaparusahan, na katulad din ng kanilang pagsasama-sama sa daigdig sa paglabag sa Allâh (ﷻ).

34. Katiyakan, gayon ang ginagawa Namin sa mga yaong pinili nila ang paglabag sa Allâh sa daigdig kaysa sa pagsunod sa Kanya, na kung kaya, ipalalasap Namin sa kanila ang masidhing kaparusahan.

35. Katiyakan, sila na mga sumamba ng iba bukod sa Allâh noong sila ay nasa daigdig pa, kapag sinabi sa kanila: "*Lâ i-lâ-ha il-lal-lâh – walang sinuman ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi ang Allâh* (ﷻ)," at inaanyayahan sila tungo rito at inuutusan sila na iwasan ang anuman na salungat dito ay nagmamataas sila na tumatanggi mula rito at sa sinuman na nagdala nito.

36. At kanilang sinasabi: "*Tatalikuran ba namin ang pagsamba sa aming diyus-diyusan dahil lamang sa sinasabi ng manunula na ito na wala sa katinuan?*" Na ang ibig nilang sabihin ay si Muhammad (ﷺ), bilang pag-aalipusta at paninira.

37. Nagsinungaling sila, dahil hindi ang kanilang inaakala ang siyang katotohanan hinggil kay Muhammad (ﷺ), kundi ang dala-dala niya ay katotohanan na Dakilang Qur'ân at Kaisahan ng Allâh (ﷻ), at pinatotohanan niya ang mga Sugo sa anuman na kanilang mensaheng ipinarating mula sa batas ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Kaisahan

38. Walang pag-aalinlangan, O kayong mga walang pananampalataya dahil sa inyong sinabi at inyong di-paniniwala at pagtanggi ay malalasap ninyo ang masidhing kaparusahan.

39. At hindi kayo papagbabayarin sa Kabilang-Buhay kundi ang ano lamang na inyong ginawa rito sa daigdig na mga kasalanan.

40. Maliban sa mga alipin ng Allâh na taos-puso ang kanilang pagsamba sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, binukod-tangi sila ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Awa; dahil walang pag-aalinlangan, sila ay maliligtas sa masidhing kaparusahan.

41. Sila na mga maliligtas ay para sa kanila sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ang kilalang kabuhayan na walang katapusan.

42-43. Itong kabuhayan na tinutukoy ay mga iba't ibang uri ng prutas, at sila roon ay pararangalan bilang kagandahang-loob mula sa Allâh (ﷻ), na para sa kanila ay kasiyahan na walang katapusan sa mga hardin.

44. At kabilang sa pagpaparangal sa kanila ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha ay ang pag-iistima nila sa isa't isa na sila ay nakaupo sa mga trono na magkakaharap-harap sa isa't isa.

45-47. Ipinaiikot sa kanilang mga inuupuan ang mga tasa ng alak mula sa mga umaagos na ilog, na hindi sila nangangamba na ito ay maubos, na ito ay maputi na napakasarap na inumin na hindi nakasisira sa katawan at kaisipan.

48-49. At nandoroon para sa kanila sa kanilang mga inuupuan ang mga malilinis at mararangal na mga kababaihan na hindi titingin ang mga ito kundi sa kanilang mga asawa lamang na magaganda ang kanilang mga mata, na para silang mga itlog na nasa pugad na pinangalagaan na hindi pa nahawakan ng sinumang kamay.

50. Maghaharapan sila sa isa't isa na magtatanungan hinggil sa naging kalagayan nila noon sa daigdig at ang kanilang kahirapan, at kung ano ang ibinungang biyaya na ibinigay sa kanila sa '*Al-Jannah*' (Hardin), at ito ang kabuuan ng kapanatagan.

51. At sasabihin ng tagapagsalita nila na naninirahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin): "*Katiyakan*, *mayroon tayong kasamahan* (*noon*) *sa daigdig na palagi nating kasa-kasama*."



52-53. Na kinaugalian niyang sabihin: "*Paano ka maniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli na ito ay isang bagay na nakapagtataka? Kapag tayo ba ay namatay na at nagkahiwa-hiwalay na ang ating mga katawan at naging alabok na tayo at naging mga buto na lamang ay bubuhayin pa ba tayong mag-uli, huhukuman at papag-babayarin sa ating mga nagawa?*"

54-55. Sinabi ng tagapagsalita sa mananampalataya na ipinapasok sa '*Al-Jannah*' (Hardin) at sa kanyang mga kasamahan: "*Nakikita ba ninyo ang nangyari sa kasamahan natin* (*noon sa daigdig*)?" Tumingin siya at nakita niya ang kanyang kasamahan na nasa kalagitnaan ng Impiyerno.

56-57. Sinabi noong mananampalataya sa kanyang kasamahan na hindi naniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli: "*Walang pag-aalinlangan, muntik mo na akong maipahamak sa pamamagitan ng pagpigil mo sa akin na maniwala, kung sinunod kita. Kung hindi lamang sa kagandahang-loob ng aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na ginabayan Niya ako tungo sa paniniwala at pinatatag niya ako rito ay mapapabilang ako sa mga dadalhin sa kaparusahan na kasama mo*.

58-60. "*Katotohanan ba na tayo ay mananatili at magpapakasaya na hindi na tayo mamamatay maliban sa unang pagkamatay natin sa daigdig, at hindi na tayo paparusahan pagkatapos nating pumasok sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*)?" Walang pag-aalinlangan, ang kasiyahan na natatamasa natin ay ang pinakadakilang tagumpay.

61. Sa katulad nitong ganap na kasiyahan at pagpapanatili magpasawalang-hanggan at dakilang tagumpay ay nagpupunyagi ang mga gumagawa ng kabutihan sa daigdig; upang ito ang kanilang paroroonan sa Kabilang-Buhay

62. Ang ganito ba na naisalaysay na kaligayahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ang mas mabuti bilang pag-aasikaso sa panauhin at ang pagkakaloob na mula sa Allâh (ﷻ) ng mga masaganang biyaya o ang puno ng '*Zaqqum*' na marumi na isinumpa na pagkain ng mga nasa Impiyerno?

63. Katiyakan, ginawa Namin ang ganito bilang pagsubok sa mga masasama na hinamak nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng di-paniniwala at paglabag, at sinabi nila bilang pangungutya, matinding pagdidiin sa pagtanggi at pagpapasinungaling sa Qur'ân: "*Katiyakan*, *sinasabi ng inyong kasamahan na mayroong puno sa Impiyerno at kinakain ng Apoy ang puno*."

64-68. Katiyakan, ito ay puno na tumutubo mula sa kaila-ilaliman ng Impiyerno, napakapangit ang hugis ng bunga nito na parang ulo ng mga '*Shaytân*,' na kung ganito ang katangian nito ay huwag mo nang itanong pa kung ano ang lasa nito. Katiyakan, ang mga walang pananampalataya ay kakain mula sa puno nito at mapupuno ang kanilang mga tiyan. At pagkatapos nilang kumain ay iinom sila ng marumi at mainit na pinaghalo ang pagiging marumi at init nito, pagkatapos ay walang pag-aalinlangang ang kanilang patutunguhan ay panibagong masidhing kaparusahang muli sa Impiyernong-Apoy na naglalagablab.

69-70. Katiyakan, natagpuan nila ang kanilang mga ninuno na gumawa ng '*Shirk*' – sumamba ng iba bukod sa Allâh at nasa pagkaligaw, na kung kaya, kaagad sila na sumunod sa kanila.

71. At katiyakan, naligaw sa katotohanan ang karamihang sambayanan bago ang iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ).

72. Katiyakan, nagpadala Kami sa mga sambayanan na yaon ng mga Sugo upang sila ay balaan sa kaparusahan subali't sila ay hindi naniwala.

73. Pagmasdan mo kung ano ang naging wakas nitong mga sambayanan na binigyan ng babala at tumanggi sa paniniwala. Walang pag-aalinlangang sila ay pinarusahan at naging aral ito sa mga tao.

74. Maliban sa mga alipin ng Allâh na taos-puso ang kanilang paniniwala sa Allâh (ﷻ), at binukod-tangi sila ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Awa dahil sa kanilang dalisay na layunin.

75. At katiyakan, nanawagan sa Amin ang Aming Propeta na si Nûh (عليه السلام); upang tulungan Namin siya laban sa kanyang sambayanan at Kami ang pinakamabuting tagatugon sa kanyang panawagan.

76. At iniligtas Namin siya at ang kanyang pamilya at ang mga naniwala sa kanya mula sa pagmamalupit ng mga walang pananampalataya at mula sa pagkalunod sa dakilang delubyo.



77. At ginawa Namin ang pamilya ni Nûh, na sila ang nanatili pagkatapos ng pagkalunod ng kanyang sambayanan.

78. At nag-iwan Kami para sa kanya ng isang mabuting alaala at papuri ng mga tao mula sa mga darating na henerasyon pagkatapos niya.

79. Kapayapaan para kay Nûh (عليه السلام) at kaligtasan mula sa anumang masamang kuwento ng iba laban sa kanya, sa halip siya ay pinupuri ng iba't ibang henerasyon pagkatapos niya.

80. Katulad ng Aming pagbibigay ng gantimpala kay Nûh (عليه السلام) ay ganoon din Namin ginagantimpalaan ang lahat ng naging mabuti mula sa Aming mga alipin sa kanilang pagsunod sa Allâh (سبحانه وتعالى).

81. Katiyakan, si Nûh (عليه السلام) ay kabilang sa Aming mga matatapat at mga dalisay ang kalooban mula sa Aming mga alipin.

82. Sinanhi Namin na malunod ang iba na mga hindi naniwala mula sa kanyang sambayanan sa pamamagitan ng delubyo (o baha), at walang sinuman ang natira mula sa kanila.

83-87. At katiyakan, kabilang sa mga taong sumunod sa alituntunin ng kanyang (Nûh) '*Deen*' ay ang Aming Propeta na si Ibrâhim (عليه السلام) noong siya ay dumating na tinataglay niya ang dalisay na puso na malayo sa lahat ng maling paniniwala at masamang pag-uugali, noong sinabi niya sa kanyang ama at sa kanyang sambayanan bilang hindi pagsang-ayon sa kanila:

"*Ano ang inyong sinasamba bukod sa Allâh? Mas ninais ba ninyo na sambahin ang inyong mga diyus-diyusan at tinanggihan ninyo ang pagsamba sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *na Bukod-Tanging karapat-dapat lamang na sambahin? Ano ang iniisip ninyo na maaaring gawin sa inyo ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *na* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang kapag kayo ay sumamba ng iba bukod sa Kanya?*"

88-90. Pagkatapos ay tumingin si Ibrâhim (عليه السلام) bilang pagmumuni-muni sa mga bituin upang siya ay makatanggi na sumama sa kanila tungo sa kanilang pagdiriwang, at kanyang sinabi sa kanila: "*Katotohanan*, *ako ay may karamdaman*." At ito ay hindi tuwirang pagtanggi mula kay Ibrâhim (عليه السلام), na kung kaya, siya ay pinabayaan na lamang nila at iniwan.

91-92. Pagkatapos ay tumungo siya nang mabilisan sa mga diyus-diyusan ng kanyang sambayanan at kanyang sinabi bilang panlalait: "*Hindi ba kayo kakain ng mga pagkaing inialay sa inyo ng inyong mga alagad? Bakit hindi kayo nagsasalita at hindi kayo tumutugon sa nagtatanong sa inyo?*"

93. Pagkatapos ay lumapit siya sa kanilang mga diyus-diyusan, at pinagpapalo niya at pinagbabasag niya sa pamamagitan ng kanyang kanang kamay; upang patunayan niya sa kanyang sambayanan ang kanilang kamalian sa pagsamba nila nito.

94. Pagkatapos siya ay pinuntahan nila na nagmamadali at galit na galit.

95-96. At sinalubong sila ni Ibrâhim (عليه السلام) na matatag na nagsasabi: "*Paano ninyo sinasamba ang mga rebulto na inukit ninyo mismo at ginawa ng inyong mga kamay*, *at tinalikuran ninyo ang pagsamba sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at lumikha sa inyong sinasamba?*"

97. – At nang napatunayan niya sa kanila ang katibayan ay ginamit na nila ang kanilang lakas – at kanilang sinabi: "*Magtayo kayo ng gusali at punuin ninyo ng mga panggatong*, *pagkatapos kapag nag-aapoy na ay saka ninyo itapon si Ibrâhim doon*."

98. At nagpakana sila ng masamang balakin laban kay Ibrâhim (عليه السلام) upang siya ay patayin at ginawa Namin silang hamak, pinakamababa at talunan; dahil sa pangyayaring ito ay naitatag ni Ibrâhim (عليه السلام) ang kanyang katibayan at walang nagawa ang kanilang pakana.

99-100. At sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام): "*Katiyakan*, *ako ay tutungo sa aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa lugar na kung saan maisasakatuparan ko ang aking pagsamba sa Kanya*; *dahil walang pag-aalinlangang tiyak na gagabayan Niya ako sa kabutihan hinggil sa aking pagsamba at sa aking makamundong buhay. O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Pagkalooban Mo ako ng mabuting anak*."

101. Na kung kaya, tinugunan Namin ang kanyang panalangin, at ibinigay Namin sa kanya ang magandang balita na pagkakaroon ng anak na '*Haleem*' – na siya ay magiging maunawain paglaki niya na ito ay si Ismâ`il (عليه السلام).

102. At nang lumaki na si Ismâ`il (عليه السلام), siya ay naglalakad na kasama ng kanyang ama, na sinabi ng kanyang ama: "*Katiyakan*, *nakita ko sa aking panaginip na kinakatay kita bilang pag-aalay*, *na kung kaya*, *ano ang masasabi mo?*" – ang mga panaginip ng mga Propeta ay totoo – sinabi ni Ismâ`il (عليه السلام) bilang pagmamahal sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pagiging masunurin sa kanyang ama, at kaagapay niya sa pagsunod sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ): "*O kagalang-galang kong ama! Gawin mo kung ano ang ipinag-utos ng Allâh* (ﷻ) *sa iyo*, *na ako ay ihahandog*, *katiyakan*, *matatagpuan mo ako sa kapahintulutan ng Allâh* (ﷻ), *na matiisin*, *masunurin bilang paghangad ng Kanyang gantimpala.*"



103. Pagkatapos, nang isinuko nilang dalawa ang kanilang mga sarili sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at nagpasailalim, at inihiga na ni Ibrâhim (عليه السلام) ang kanyang anak at pinatagilid niya ang kanyang mukha na nakaharap sa kalupaan upang ito ay kanyang ialay.

104-105. At tinawagan Namin si Ibrâhim (عليه السلام) sa ganitong matindi niyang kalagayan: "*O Ibrâhim*, *katiyakan*, *naisagawa mo ang ipinag-utos sa iyo*, *at naisakatuparan mo ang iyong panaginip*, *katiyakan*, *kung paano ka Namin ginagantimpalaan sa iyong pagiging tapat ay ganoon din Namin gagantimpalaan ang mga naging mabuti na katulad mo*, *at ililigtas Namin sila mula sa kapahamakan dito sa buhay sa daigdig at sa Kabilang-Buhay*.

106. "*Katiyakan*, *ang kautusan sa pag-alay mo sa iyong anak ay mabigat na pagsubok na nagpapatunay ng iyong pagiging tapat sa iyong pananampalataya.*"

107. At iniligtas Namin si Ismâ`il (عليه السلام) at gumawa Kami ng panghalili para sa kanya na malaking tupa.

108. At nag-iwan Kami para kay Ibrâhim (عليه السلام) ng mabuting alaala mula sa mga darating pang sambayanan pagkatapos niya.

109. Pagbati ng '*Salâm*' (kapayapaan) para kay Ibrâhim (عليه السلام) mula sa Allâh (ﷻ), at pagkakaloob ng panalangin ng kaligtasan para sa kanya mula sa lahat ng di-kanais-nais.

110. Kung paano Namin ginantimpalaan si Ibrâhim (عليه السلام) sa kanyang pagiging masunurin at pagsunod sa Aming kautusan ay ganoon din Namin gagantimpalaan ang mga mababuti mula sa Aming mga alipin.

111. Katiyakan, siya ay kabilang sa Aming mga alipin na mananampalataya na naisakatuparan ang kanilang pagiging tunay na alipin.

112. At ipinagkaloob Namin kay Ibrâhim (عليه السلام) ang magandang balita ng pagkakaroon ng anak na si Ishâq (عليه السلام) – isang Propeta na kabilang sa mga mababuti; bilang gantimpala sa kanyang pagiging matiisin at pagiging bukal na pagtanggap sa kautusan ng Allâh (سبحانه وتعالى) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at pagiging masunurin sa Kanya.

113. At ibinaba Namin para sa kanilang dalawa ang biyaya. At mayroon sa kanilang lahi ang naging masunurin sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na matuwid sa kanyang sarili at mayroon din ang naging masama na inapi ang kanyang sarili sa pamamagitan ng malinaw na pagtanggi at paglabag.

114-115. At katiyakan, pinagkalooban Namin si Mousã (عليه السلام) at Hâroun (عليه السلام) ng pagka-Propeta at mensahe, at iniligtas Namin silang dalawa at ang kanilang tagasunod mula sa pagkalunod at mula sa pang-aalipin sa kanila at panghahamak.

116. At ipinagkaloob Namin ang tulong sa kanila, na kung kaya, ito ay naging karangalan sa kanila, tagumpay at pangingibabaw laban kay Fir`âwn at sa kanyang angkan.

117-119. At ipinagkaloob Namin sa kanilang dalawa ang malinaw na kasulatan, na ito ay '*Tawrah*,' at ginabayan Namin sila sa Matuwid na Landas na walang kabaluktutan, na ito ay Islâm na '*Deen*' ng Allâh na ipinadala Niya ang Kanyang mga Propeta sa pamamagitan ng mensahe nito, at nag-iwan Kami para sa kanila ng magandang alaala at papuri mula sa darating pagkatapos nila.

120-122. Kapayapaan, para kay Mousã (عليه السلام) at Hâroun (عليه السلام) mula sa Allâh (سبحانه وتعالى) at papuri, pagkakaloob ng panalangin para sa kanila ng kaligtasan sa lahat ng kapinsalaan at di-kanais-nais, at kung paano Namin ginantimpalaan silang dalawa ng mabuting gantimpala ay ganoon din Namin gagantimpalaan ang mga mababuti mula sa Aming mga alipin na mga dalisay ang kalooban sa pamamagitan ng katapatan, paniniwala at pagsunod. Katiyakan, silang dalawa ay kabilang sa mga alipin Namin na mga matatag sa kanilang paniniwala.

123-126. At katiyakan, ang Aming alipin na si Ilyâs (عليه السلام) ay kabilang sa mga pinarangalan Namin ng pagiging Propeta at pagiging Sugo, noon sinabi niya sa kanyang sambayanan mula sa angkan ni Isrâ`îl: "*Matakot kayo sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *na Bukod-Tangi at maging maingat kayo at huwag kayong sumamba ng iba bilang katambal sa pagsamba sa Kanya*, *paano ninyo sinasamba ang mga diyus-diyusan at tinatalikuran ninyo ang pagsamba sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *na* '***Ahsanul Khâliqeen***' *– Pinakamahusay sa lahat ng mga tagapaglikha*, *samantalang Siya ang inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na lumikha sa inyo at lumikha ng iyong mga ninuno na mga nauna sa inyo?*"



127-128. Hindi pinaniwalaan ng sambayanan ni Ilyâs ang kanilang Propeta, na kung kaya, walang pag-aalinlangan, titipunin sila ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay para sa paghuhukom at pagpaparusa, maliban sa mga alipin ng Allâh na taos-puso ang kanilang pagsunod sa '*Deen*' ng Allâh, dahil katiyakan, sila'y maliligtas mula sa Kanyang kaparusahan.

129-132. At nag-iwan Kami para kay Ilyâs (عليه السلام) ng magandang papuri mula sa mga susunod pang sambayanan pagkatapos niya. Kapayapaan bilang pagbati kay Ilyâs (عليه السلام) mula sa Allâh (ﷻ) at papuri sa kanya. At kung paano Namin ginantimpalaan si Ilyâs (عليه السلام) ng mabuting gantimpala sa kanyang pagsunod ay ganoon din Namin gagantimpalaan ang mga mababuti mula sa Aming mga alipin na mga mananampalataya. Katiyakan, siya ay kabilang sa Aming mga alipin na mananampalataya na mga dalisay ang kanilang kalooban para sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng katapatan at paniniwala.

133-135. At katiyakan, pinili Namin ang Aming alipin na si Lût (عليه السلام), at ibinilang Namin siya sa mga Sugo, noong iniligtas Namin siya at ang lahat ng kanyang pamilya mula sa kaparusahan maliban sa matandang babae, na ito ay kanyang asawa dahil siya ay napahamak kasama ng mga napahamak mula sa kanyang sambayanan dahil sa kanyang di-paniniwala.

136. Pagkatapos ay winasak Namin ang iba na nanatili na walang pananampalataya mula sa kanyang sambayanan.

137-138. Katiyakan, kayo na taga-Makkah ay nadaraanan ninyo sa inyong paglalakbay ang mga tahanan ng sambayanan ni Lût at ang mga bakas na naiwan nila habang kayo ay naglalakbay sa umaga, nadaraanan din ninyo habang kayo ay

naglalakbay sa gabi, na kung kaya, hindi ba ninyo pinag-iisipang mabuti, upang kayo ay magkaroon ng takot na baka mangyari sa inyo ang katulad ng nangyari sa kanila?

139-140. At katiyakan, ang Aming alipin na si Yûnus (عليه السلام) ay Aming pinili at ibinilang Namin siya sa mga Sugo. Noong siya ay tumakas mula sa kanyang bayan na ito ay hindi ipinag-utos sa kanya ng Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at sumakay siya ng sasakyang-pandagat na punung-puno ng mga pasahero at mga bagahe.

141. At nang napalibutan na sila ng mga malalaking alon ay nagkasundo na magpalabunutan ang mga nakasakay sa sasakyang-pandagat upang mabawasan ang lulan nito dahil sa pangamba na sila ay malunod, at si Yûnus (عليه السلام) ang nabunot sa palabunutang yaon.

142. At itinapon siya sa karagatan at kinain siya ng malaking isda, at si Yûnus (عليه السلام) ay nakagawa ng isang bagay na karapat-dapat na papanagutin.

143-144. At kung hindi lamang sa kanyang nagawa na maraming pagsamba at mabuting gawa bago siya napunta sa tiyan ng malaking isda at sa kanyang pagpupuri sa Allâh (ﷻ) habang siya ay nasa loob ng tiyan ng malaking isda, na kanyang sinasabi: "*Lâ i-lâ-ha il-la an-ta sub-hâ-na-ka in-nî kun-tu mi-nadz-dzâ-li-meen*" (walang sinuman ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat na sambahin kundi Ikaw, O Allâh, Luwalhati sa Iyo, katiyakan, ako ay kabilang sa mga masasama na nakagawa ng kasalanan) ay mananatili siya sa tiyan ng malaking isda at ito na ang kanyang magiging libingan hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

145. At inilabas Namin siya mula sa tiyan ng malaking isda, at ipinadpad Namin siya sa dalampasigan na may patag na kalupaan na walang puno at walang kabahayan – ilang na kalupaan – na nasa mahinang kalagayan ang kanyang pangangatawan.

146. At pinasibol Namin para sa kanya ang halaman ng '*kara*`' ('*gourd*' o halamang gumagapang na tulad ng kalabasa) para siya liliman at mapakinabangan niya ito.

147-148. At ipinadala Namin siya tungo sa isang daang libong mga tao o higit pa kaysa rito mula sa kanyang sambayanan, at naniwala sila sa kanya, na kung kaya, pinagkalooban Namin sila ng pansamantalang kaligayahan dito sa daigdig hanggang sa pagdating ng kanilang itinakdang kamatayan.

149. Tanungin mo, O Muhammad (ﷺ), ang iyong sambayanan: "*Paano nila itinangi para sa Allâh* (ﷻ) *ang mga anak na kababaihan na kanilang kinamumuhian*, *at*

itinangi naman nila sa kanilang sarili ang mga anak na kalalakihan na yaon ang kanilang labis na inaasam?"

150. At itanong mo rin sa kanila: "*O nilikha ba Namin ang mga anghel na mga kababaihan*, *na sila ay nandoroon habang nililikha ang mga ito?*"

151-152. At katiyakan, kabilang sa kanilang kasinungalingan ay ang pagsasabi nila: "*Nagkaroon ang Allâh* (ﷻ) *ng anak na lalaki*," na walang pag-aalinlangang sila ay mga sinungaling; dahil sila ay nagsasabi ng bagay na hindi nila alam.

153. Ano ba ang dahilan kung gayon na mas pipiliin ng Allâh (ﷻ) ang mga anak na kababaihan kaysa sa mga anak na kalalakihan?



154. Napakasama ng paghatol na inyong ginagawa, O kayong mga tao, na itinangi ninyo sa Allâh (ﷻ) ang mga anak na kababaihan at sa inyo naman ay mga anak na kalalakihan, samantalang kayo ay hindi ninyo naiibigan sa inyong mga sarili ang mga anak na kababaihan.

155. Hindi ba kayo nakakaunawa na ang Allâh (ﷻ) ay hindi maaaring magkaroon ng anak? Kataas-taasan sa Allâh (ﷻ) na Siya ay malayo sa kanilang pagbibintang.

156. O di kaya ay mayroon ba kayong malinaw na katibayan sa inyong sinasabi at inaangkin na kasinungalingan?

157. Kung kayo ay may katibayan na nasa kasulatan na nagmula sa Allâh (ﷻ) ay ipakita ninyo kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan!

158. Itinuring (o inimbento) ng mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – na ang Allâh (ﷻ) at ang mga '*Jinn*' ay may ugnayang magkamag-anak, samantalang alam ng mga '*Jinn*' na sila (mga '*Jinn*') ay titipunin at papananagutin sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

159. Luwalhati sa Allâh (ﷻ), Siya ay malayo sa anumang hindi karapat-dapat na para sa Kanya na itinatangi ng mga walang pananampalataya.

160. Subali't ang mga alipin ng Allâh (ﷻ) na taos-puso sila sa kanilang pagsamba sa Kanya ay hindi nila itinatangi sa Allâh (ﷻ) ang anuman maliban sa kung ano ang angkop sa Kanyang Kamaharlikaan at Kadakilaan.

161-163. Katiyakan, kayo na sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay wala kayong sinasamba bukod sa Allâh kundi mga diyus-diyusan lamang, na wala kayong inililigaw na sinuman maliban sa sinumang itinakda ng Allâh (ﷻ) na Kataas-taasan na siya ay susunugin sa Impiyerno; dahil sa kanyang di-paniniwala at pagiging masama.

164-166. Sinabi ng mga anghel: "*Walang kahit sinuman sa amin kundi mayroon siyang nakabukod na lugar sa kalangitan*, *at kami sa katotohanan ay nakatayo na nakahanay sa pagsamba namin sa Allâh* (ﷻ) *at pagsunod sa Kanyang kagustuhan*, *at katiyakan*, *kami ay lumuluwalhati sa Kanya bilang pagdakila*, *na Siya ay malayo sa anumang hindi karapat-dapat na para sa Kanya*."

167-169. At katiyakan, sinasabi nila na mga walang pananampalataya na taga-Makkah bago ka pa ipinadala, O Muhammad (ﷺ): "*Kung dumating lamang sa atin ang mga Aklat at mga Propeta na katulad ng dumating sa mga nauna sa atin*, *ay magiging alipin tayo ng Allâh* (ﷻ) *na mga matatapat sa paniniwala at mga taos-puso sa pagsamba.*"

170. At noong dumating sa kanila ang mga kuwento hinggil sa mga naunang mga tao at kaalaman hinggil sa mga darating pa na mga tao, at ang ganap na kasulatan, at ang pinakabukod-tangi sa lahat ng Sugo na siya ay si Muhammad (ﷺ) ay hindi nila pinaniwalaan, katiyakan, matutunghayan nila kung ano ang parusa sa kanila sa Kabilang-Buhay.

171-173. At katiyakan, nauna na ang Aming pagpasiya, na hindi na mababago para sa Aming mga alipin na mga Sugo, na walang pag-aalinlangan, para sa kanila ang pangingibabaw laban sa kanilang mga kalaban sa pamamagitan ng katibayan at kapangyarihan, at katiyakan, ang Aming mga sundalo na mga nakikipaglaban sa Daan patungo sa Amin ay walang pag-aalinlangang sila ay mananalo laban sa kanilang mga kalaban sa lahat ng pagkakataon dahil sa ang pagturing sa tunay na tagumpay ay ang pagwawagi sa dakong huli.

174-175. Na kung kaya, tumalikod ka, O Muhammad (ﷺ), mula sa kanila na nagmamatigas, at hindi tumanggap ng katotohanan hanggang matapos ang itinakda mo na panahon bilang palugit, at darating ang kautusan ng Allâh (ﷻ) para sila ay parusahan, pagmasdan mo kung ano ang parusa na mangyayari sa kanila dahil sa paglabag nila sa iyo, at walang pag-aalinlangang makikita nila ang anumang mangyayari sa kanila na kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

176-177. Minamadali ba nila ang pagbaba ng parusa Namin sa kanila, O Muhammad (ﷺ)? At kapag bumaba ang Aming parusa sa kanila ay magiging napakasamang umaga ang kanilang umaga.

178-179. Na kung kaya, pabayaan mo na sila, O Muhammad (ﷺ), hanggang sa pahintulutan ng Allâh (ﷻ) na maganap ang parusa sa kanila, at pagmasdan mo sila, dahil walang pag-aalinlangang makikita nila ang anumang mangyayari sa kanila na parusa ng Allâh (ﷻ).

180. Luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Siya ang '*Rabb*' na Tagapaglikha na Dakila, na Siya ay malayo sa anumang itinatangi nila na mga kasinungalingan laban sa Kanya.

181. At tuluy-tuloy na kapayapaan bilang pagbabati ng Allâh (ﷻ), at ang pagpupuri at kaligtasan ay para sa lahat ng mga Sugo.

182. At papuri sa Allâh (ﷻ) na '*Rabb*' na Tagapaglikha ng mga nilalang mula sa umpisa magpasawalang-hanggan, na Siya lamang ang Bukod-Tanging karapat-dapat nito, na Siya ay walang katambal.

سورة صٓ 38

XXXVIII – Sûrat Sãd

[**Kabanata Sãd** – (Ang Titik) Sãd]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-2. *Sãd* – Ang katulad nitong titik ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.' Sumusumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Kabanal-banalan na Qur'ân na punung-puno ng pagpapaalaala sa mga tao sa kanilang pagkalimot subali't ang mga walang pananampalataya ay nagmamataas sa katotohanan at nilalabag ito.

3. Marami sa mga sambayanan na Aming pinuksa na nauna kaysa sa mga walang pananampalataya na ito sa Allâh (ﷻ), na sila ay humingi ng saklolo nang dumating sa kanila ang parusa at nanawagan sila na sila ay magsisipagsisi, subali't ang panahon ay hindi na panahon ng pagtanggap ng pagsisisi, at hindi na panahon ng kaligtasan mula sa anumang dumating sa kanila na kaparusahan.

4-5. At namangha sila na mga walang pananampalataya kung paano nagpadala ang Allâh (ﷻ) ng Sugo na tao na mula sa kanila; upang sila ay hikayatin tungo sa Allâh (ﷻ) at balaan mula sa Kanyang parusa, at kanilang sinabi: "*Katiyakan*, *siya ay hindi Sugo kundi siya ay sinungaling sa kanyang sinasabi*, *at sinasalamangka niya lamang ang kanyang sambayanan*, *dahil paano niya gagawin ang maraming*

diyus-diyusan na iisang diyos na lamang? Katiyakan, *ang kanyang dala-dalang mensahe at paghikayat ng iba tungo rito ay isang bagay na nakapagtataka*."

6-7. Nagpunta ang mga pinuno ng mga tao na siyang matataas mula sa kanila upang hikayatin ang kanilang sambayanan na (sinasabi): "*Hayaang manatili kayo sa inyong pagsamba ng iba bukod sa Allâh at magtiis kayo sa rami ng inyong diyus-diyusan! Katiyakan*, *ang dala-dala ng Sugong ito ay isang bagay na binalak lamang na ang hangarin ay pamumuno at pangunguntrol*, *na hindi namin narinig sa relihiyon ng aming mga ninuno na mga Quraysh at gayundin sa mga Kristiyano ang katulad ng kanyang paanyaya*, *dahil ito ay walang iba kundi pagsisinungaling lamang!*

8. "*Bukod-tangi lamang ba na si Muhammad ang binigyan ng kapahayagan ng Dakilang Qur'ân mula sa atin?*" Hindi ang kanilang inaakala ang siyang katotohanan kundi sila ay may pag-aalinlangan hinggil sa pagpapahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), at pagkapadala sa iyo bilang Sugo, at katiyakan, sinabi nila ito; dahil sa hindi pa nila natikman ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ), dahil kung natikman lamang nila ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ) ay hindi sila magkakaroon ng lakas ng loob sa kanilang mga nasabi.

9. O sila ba ay nagmamay-ari ng imbakan ng Biyaya ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na Dakila sa Kanyang Kaharian, na nagbibigay ng anuman na Kanyang nais na kabuhayan at kagandahang-loob sa sinuman na Kanyang nais sa Kanyang nilikha?

10. O di kaya ay pagmamay-ari ba nila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ang mga kalangitan at kalupaan at ang anumang nasa pagitan nito, na sila ay tagapagkaloob o tagapagpigil? Kung totoo na sila nga ay magsagawa sila kung gayon ng hagdanan sa anumang kaparaanan para sila ay makarating sa kalangitan at pigilan nila ang anghel sa pagpababa ng Rebelasyon kay Muhammad (ﷺ).

11-14. Sila na mga sundalo ng mga walang pananampalataya ay mga sundalo na matatalo, dahil kung paano natalo ang iba na mga grupo ng mga sundalo na nauna sa kanila ay ganoon din sila.

Bago pa sila, hindi naniwala ang mga nauna na sambayanan ni Nûh, ni `Âd, ni Fir`âwn na mga nagtatangan ng dakilang lakas, gayundin ang sambayanan ni Thamoud, ni Lût at ang mga nanirahan sa mga puno at mga hardin na sila ay ang sambayanan ni Shu`ayb.

Sila ay mga nasyon na nag-umpuk-umpukan sa di-paniniwala at pagtanggi at bawa't isa sa kanila ay nagsama-sama rito. At walang sinuman sa kanila kundi tinanggihan

ang mga Sugo, na kung kaya, sila ay naging karapat-dapat sa parusa ng Allâh (ﷻ) at ito ay nangyari sa kanila.

15. At walang hinihintay ang mga walang pananampalataya habang sila ay nananatili sa pagsamba ng iba bukod sa Allâh kundi ang pagdating sa kanila ng parusa sa pamamagitan ng isang ihip lamang ng trumpeta na ito ay tuluy-tuloy at walang patid.

16. At sinabi nila: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Madiliin Mo na ang aming bahagi mula sa Iyong parusa rito sa daigdig bago dumating ang Araw ng Muling Pagkabuhay*," at ito ay bilang pang-iinsulto mula sa kanila.

17. Tiisin mo, O Muhammad (ﷺ), ang anuman na kanilang sinasabi na hindi mo gusto, at alalahanin mo ang Aming alipin na si Dâwood (عليه السلام) na nagtatangan ng lakas laban sa mga kalaban ng Allâh at pagtitiis sa pagsunod sa Allâh (ﷻ), dahil siya sa katunayan ay palaging nagbabalik-loob sa Allâh (ﷻ) hanggang sa ang Allâh (ﷻ) ay nasiyahan sa kanya. (Ito ay bilang pagpapagaan sa kalooban ni Propeta Muhammad ﷺ).

18-19. Katiyakan, ginawa Namin na magpasailalim sa kanya ang mga kabundukan na pumupuri at niluluwalhati ang Allâh (ﷻ) sa umpisa ng araw at sa dulo nito na kasama si Dâwood (عليه السلام), at gayundin ang mga ibon na nagsasama-sama kasama niya na sumusunod sa kanya.

20. At pinalakas Namin ang kanyang kaharian dahil sa kanyang katatagan, pagiging kagalang-galang, kapangyarihan at pangingibabaw, at pinagkalooban Namin siya ng pagiging Propeta, at makatarungang paghahatol sa pananalita at pagpapasiya.

21-22. At dumating ba sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento ng dalawang may hindi pinagkasunduan (‘*litigant*’ – may usapin) na nilukso nila ang bakod ng bahay-dalanginan ni Dâwood (عليه السلام), at nagulat siya sa pagpasok nilang dalawa? Sinabi nila sa kanya: “*Huwag kang matakot*, *dahil kaming dalawa ay may hindi pinagkasunduan* (*may usapin*) *dahil inapi ng isa sa amin ang isa*, *na kung kaya*, *hatulan mo ang pagitan namin ng makatarungang paghatol at huwag kang papanig sa alinmang dalawa sa amin sa iyong paghatol*, *at gabayan mo kami tungo sa Matuwid na Daan*.”

23. Sinabi ng isa sa dalawa: “*Katotohanan*, *itong aking kapatid* (*sa pananampalataya*) *ay mayroon siyang siyamnapu’t-siyam na kambing*, *at ang pagmamay-ari ko lamang ay isang kambing at binalak pa niya na makuha ito*, *at kanyang sinabi*: ‘*Ibigay mo sa akin*, *at mahigpit ang kanyang pananalita sa akin*, *at nadaig niya ako*.’”

24. Sinabi ni Dâwood (عليه السلام): "*Katiyakan*, *nilamangan ka ng iyong kapatid sa pamamagitan ng sapilitang pagsabi niya sa iyo na isama ang iyong kambing sa kanyang mga kambing*, *at katiyakan*, *marami sa mga magkakasosyo ay hinahamak nila ang isa't isa*, *at nilalamangan sa pamamagitan ng pagkuha ng kanyang karapatan at hindi siya nagiging pantay sa kanyang sarili maliban sa mga mananampalataya na mga mabubuti dahil hindi nilalamangan ng iba sa kanila ang iba at sila ay mangilan-ngilan lamang.*"

At natiyak ni Dâwood (عليه السلام) na sinubok Namin siya sa pamamagitan nitong dalawa na may di napagkasunduan, at humingi siya ng kapatawaran sa Allâh (سبحانه وتعالى) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at nagpatirapa siya bilang pagbaling sa Allâh (سبحانه وتعالى) na may pagsisisi.

25. Na kung kaya, pinatawad Namin siya at ibinilang Namin siya sa mga malalapit sa Amin, at inihanda Namin para sa kanya ang mababuting patutunguhan sa Kabilang-Buhay.

26. O Dâwood (عليه السلام)! Katiyakan, pinili ka Namin na mangasiwa rito sa kalupaan at ginawa ka Namin na hari rito, na kung kaya, magpasiya ka nang makatarungan at maging pantay sa paghatol sa pagitan ng mga tao, at huwag mong sundin ang iyong kagustuhan sa paghahatol, dahil ikaw ay maliligaw mula sa '*Deen*' ng Allâh at Kanyang batas.

Katiyakan, ang mga naligaw mula sa Daan ng Allâh ay para sa kanila ang masidhing kaparusahan sa Impiyerno, dahil sa kanilang pagkalimot hinggil sa Araw ng Pagtutumbas at Paghuhukom. Naririto sa talatang ito ang pagpapayo sa mga namumuno na sila ay maging makatarungan sa paghatol at pamumuno sa pamamagitan ng pagpapatupad sa Rebelasyon mula sa Allâh (سبحانه وتعالى), at huwag silang lumihis mula rito dahil sila ay maliligaw mula sa Daan ng Allâh.



27. At hindi Namin nilikha ang kalangitan at kalupaan at ang anuman na nasa pagitan nito nang walang kadahilanan at hindi bilang paglalaro lamang, ito ang paniniwala ng mga walang pananampalataya, na kung kaya, kapighatian sa kanila sa parusa sa Impiyerno sa Araw ng Muling Pagkabuhay; dahil sa kanilang maling paniniwala at di nila paniniwala sa Allâh (ﷻ).

28. Ituturing ba Namin ang mga naniwala at gumawa ng mga kabutihan na katulad ng mga naminsala rito sa kalupaan, o di kaya ay gagawin ba Namin ang mga matatakutin na mga mananampalataya sa Allâh (ﷻ) na katulad ng mga masasama na di-naniniwala? Itong pagpapantay sa ganitong mga katangian ay hindi tugma sa karunungan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang batas, na kung kaya, hindi sila magkakatulad sa paningin ng Allâh (ﷻ), sa halip, ginagantimpalaan ng Allâh (ﷻ) ang mga naniwala na mga matatakutin, at pinaparusahan Niya ang mga namiminsala na mga masasama.

29. Ang Aklat na ito, O Muhammad (ﷺ), na Aming ibinaba sa iyo ay punung-puno ng biyaya; upang suriin nila ang mga talata nito at sundin ang mga patnubay nito at paniwalaan ang mga katibayan nito, at upang maalaala ng mga nagtatangan ng matitinong pag-iisip ang anuman na ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa kanila.

30. At ipinagkaloob Namin kay Dâwood (عليه السلام) ang kanyang anak na si Sulaymân (عليه السلام), at biniyayaan Namin siya at pinatatag Namin ang kanyang kalooban sa pamamagitan niya. Napakabuting alipin ni Sulaymân (عليه السلام)! Katiyakan, palagi niyang ibinabaling ang kanyang sarili sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng kanyang pagbabalik-loob sa Kanya at paghihingi ng kapatawaran.

31. Alalahanin mo, noong iniharap sa kanya sa oras ng ``*Asr*' (dapit-hapon) ang sinanay at mga mabibilis na mga kabayo, na tumatayo sa pamamagitan ng tatlong paa

at naiaangat nito ang pang-apat; dahil sa galing at gaan nito, at patuloy na ito ay nagpapamalas sa kanyang harapan hanggang sa sapitin ang paglubog ng araw.

32-33. Kanyang sinabi: "*Katotohanan*, *mas minahal ko ang kayamanan kaysa pag-alaala sa Allâh* (ﷻ)," hanggang sa mawala ito sa kanyang paningin dahil sa kadiliman ng gabi. Pagkatapos ay kanyang sinabi: "*Ibalik ninyo sa akin ang inyong ipinakitang kabayo*." Pagkatapos ay sinimulan niyang haplusin ang mga paa at leeg nito.

34-36. At katiyakan, sinubok Namin si Sulaymân (عليه السلام) at pinaupo Namin sa kanyang trono ang '*Jasad*' – kalahating katawan na bata, na ito ay ipinanganak noong siya ay sumumpa sa Allâh (ﷻ) na iikutan niya ang lahat ng kanyang asawa at lahat sila ay magkakaroon ng anak na gagawin niyang mangangabayo na magaling sa pakikipaglaban sa Daan ng Allâh, subali't hindi niya sinabi: "*Insha`Allâh* (ﷻ) – *kapag ninais ng Allâh* (ﷻ)!" at ginawa niyang ikutan ang lahat ng kanyang asawa at walang sinuman ang nagdalang-tao kundi isang babae lamang na ang kanyang naging anak ay kalahating katawan lamang, pagkatapos ay nanumbalik si Sulaymân (عليه السلام) sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at humingi ng kapatawaran.

Kanyang sinabi: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Patawarin Mo ako sa aking kasalanan*, *at ipagkaloob Mo sa akin ang bukod-tanging dakilang kaharian na hindi tataglayin ng sinumang tao pagkatapos ko*, *dahil walang pag-aalinlangan*, *Ikaw*, *O Allâh* (ﷻ) *ay* '***Al-Wahhab***' *– ang Ganap at Napakasagana ang Kabutihan at bilang Tagapagkaloob.*"

Na kung kaya, dininig Namin siya, at ginawa Namin na magpasailalim sa kanya ang hangin na gumagalaw na sumusunod sa kanyang kagustuhan, kahit gaano kalakas ito ay sumusunod sa kanyang kagustuhan.

37-39. At pinasunod din Namin sa kanya ang mga '*Shaytân*' na ginagamit niya sa kanyang mga gawain: mayroon sa kanila ang tagapagtayo ng mga gusali, at mga tagasisid sa karagatan, at ang iba naman sa kanila ay mga masasamang '*Shaytân*' na sila ay mga nakakadena.

Itong dakilang kaharian at bukod-tanging pagpapasailalim ng mga bagay sa iyo, O Sulaymân (عليه السلام), ay isang kagandahang-loob mula sa Amin, na kung kaya, pagkalooban mo ang sinuman na iyong nais o pagkaitan mo man ang sinuman na iyong nais ay wala kang pananagutan hinggil dito.

40. At katiyakan, si Sulaymân (عليه السلام) para sa Amin sa Kabilang-Buhay ay kabilang sa mga malalapit at mabuti ang kanyang patutunguhan.

41. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang Aming alipin na si Ayyûb (عليه السلام), noong siya ay nanalangin sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha: "*Katiyakan*, *si* '*Shaytân*' *ay nagpakana sa akin ng pagpapahirap*, *pasakit at pagdadalamhati*; *na nasira ang aking katawan*, *kayamanan at pamilya*."

42. Sinabi Namin sa kanya: "*Isikad mo ang iyong paa sa kalupaan at bubukal mula roon ang malamig na tubig*, *na kung kaya*, *uminom ka mula roon at maligo ka at mawawala sa iyo ang sakit at ang anuman na iyong pasakit*."



43. At pinagaling Namin ang kanyang sakit at pinarangalan Namin siya, at ipinagkaloob Namin sa kanya ang kanyang pamilya, na asawa't anak, at dinagdagan pa namin ng katulad pa nila ng mga anak at mga apo, lahat ng mga ito ay Biyaya at Awa mula sa Amin bilang parangal sa kanya dahil sa kanyang pagtitiis, at aral, paalaala sa mga nagtatangan ng matinong pag-iisip; upang mabatid nila na ang kapalit ng pagtitiis ay kaginhawahan at kaligtasan sa anumang kapighatian.

44. At sinabi Namin sa kanya: "*Kunin mo sa pamamagitan ng iyong kamay ang isang bungkos ng maninipis na dahon at ipalo mo sa iyong asawa bilang pagpapatupad ng iyong panumpaan*, *at huwag mong sirain ang iyong sinumpaan*;" dahil siya noon ay sumumpa na papaluin niya ng isang daang palo ang kanyang asawa dahil sa kanyang nagawang kasalanan. Katiyakan, natagpuan Namin si Ayyûb (عليه السلام) na matiisin sa mga pagsubok, napakabuti niyang alipin dahil siya ay palaging nagbabalik-loob sa Allâh (سبحانه وتعالى) at sumusunod.

45. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang Aming mga alipin at mga Propeta: na si Ibrâhim (عليه السلام), si Ishâq (عليه السلام) at si Ya`qûb (عليه السلام); dahil sila ay walang pag-aalinlangang matatatag sa pagsunod sa Allâh (سبحانه وتعالى) at matutuwid sa kanilang pagsunod sa '*Deen*' ng Allâh.

46-47. Katiyakan, binukod-tangi Namin sila ng dakilang pagtatangi, dahil inilagay Namin sa kanilang mga puso ang pag-alaala sa Kabilang-Buhay, na kung kaya, sumunod sila sa Allâh (سبحانه وتعالى), at inaanyayahan nila ang mga tao tungo rito, at pinaaalalahanan nila ang mga tao hinggil dito. Katiyakan, sila para sa Amin ay kabilang sa Aming mga pinili upang sumunod, at pinili Namin sila sa Aming mensahe.

48. At alalahanin mo pa rin, O Muhammad (ﷺ), ang Aming mga alipin: si Ismâ`il (عليه السلام), si Alyasa` (عليه السلام) at si Dhul-Kifl (عليه السلام), ng magandang pag-alaala; dahil katiyakang bawa't isa sa kanila ay kabilang sa mga mababuti na pinili ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang mga nilikha, at pinili ng Allâh (ﷻ) para sa kanila ang ganap na kalagayan at katangian.

49-51. Itong Qur'ân ay paalaala at karangalan para sa iyo, O Muhammad (ﷺ), at sa iyong sambayanan na mga tagasunod. At katiyakan, para sa mga matatakutin sa Allâh at sumusunod sa Kanya ang mabuting patutunguhan sa Amin sa mga Hardin na kanilang tutuluyan, na kung saan, nakabukas para sa kanila ang mga pintuan nito, na sila ay mga nakasandal sa mga upuan na pinalamutian, hihingin nila ang anuman na nais nila na iba't ibang uri ng mga prutas na napakasagana at maraming uri ng inumin, na mula sa anumang kagustuhan ng kanilang mga sarili, na naiibigan ng kanilang mga paningin.

52. At para rin sa kanila ang mga kababaihan na bukod-tanging nakatuon lamang ang kanilang paningin sa kanilang mga asawa (na mga kalalakihan), na pare-pareho ang kanilang mga edad.

53-54. Itong kasiyahan ang mga ipinangako sa inyo, O kayong mga matatakutin sa Allâh, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at katiyakan, ito ay Aming ipagkakaloob sa inyo na kabuhayan na walang katapusan at walang pagkaubos.

55-56. Itong nabanggit na mga katangian ay para lamang sa mga matatakutin sa Allâh. Subali't ang mga lumampas sa hangganang itinakda ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng di-paniniwala at mga pagkakasala, ay para sa kanila ang pinakamasamang patutunguhan, na ito ay Impiyerno na roon sila ay paparusahan na napalilibutan sila ng apoy sa lahat ng dako, na kung kaya, napakasamang higaan ang kanilang kalalagyan.

57-58. Itong parusa ay tubig na napakainit, at nana na tumatagas mula sa katawan ng mga nasa Impiyerno, na kung kaya, inumin nila at lasapin nila ito, at mayroon pang iba't ibang uri ng parusa para sa kanila na kahawig din nito.

59. At kapag dumating na ang mga masasama sa Impiyerno ay mumurahin nila ang isa't isa, at sasabihin nila sa isa't isa: "*Ito ay grupo na kabilang sa makapapasok sa Impiyerno na kasama sa inyo na papasok*," at tutugon sila: "*Hindi namin sila tinatanggap dito at wala na silang lugar na patutunguhan sa Impiyerno! Katiyakang sila ay susunugin sa mainit na Impiyerno na katulad ng aming paghihirap*."

60. Sasabihin naman ng kasunod na grupo na tagasunod ng mga masasama: "*Hindi ang inyong inaakala ang katotohanan kundi kayo ang talagang hindi katanggap-tanggap dito*; *dahil kayo ang nagdala sa amin dito sa tirahan sa Impiyerno dahil iniligaw ninyo kami sa daigdig*, *at napakasamang patutunguhan ang Impiyernong-Apoy*."

61. At nanalangin sila na sinabi: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ang sinumang nagligaw sa amin sa daigdig na inilayo kami sa patnubay ay doblehin Mo para sa kanya ang parusa sa Impiyerno*."



62-63. At sasabihin ng mga masasama: "*Bakit hindi natin nakikita rito sa Impiyerno ang mga kalalakihan na ibinilang natin sila na kabilang sa mga masasama sa daigdig? Ang pagma-maliit ba natin sa kanila at pag-aalipusta ay isang kamalian o sila ba ay talagang kasama pa rin natin sa Impiyerno subali't hindi lamang natin sila nakikita?*"

64. Katiyakan, ito ay pagtatalo ng mga nasa Impiyernong-Apoy, at itong pagtatalo ng mga nasa Impiyernong-Apoy at pag-aaway-away nila ay katotohanan na tiyak na magaganap.

65. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa iyong sambayanan: "*Katiyakan, binabalaan ko lamang kayo mula sa parusa ng Allâh* (ﷻ) *na ito ay katiyakang mangyayari sa inyo*; *dahil sa inyong pagtanggi at di-paniniwala, at walang sinuman ang may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi, na Siya ang Bukod-Tangi at Nag-iisa sa Kanyang paglikha, na* '***Al-Qahhâr***' *– ang Tagapagkuntrol na kuntrolado Niya ang lahat ng bagay na nagagapi Niya ang lahat.*

66. "*Siya ang Nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan at ang anumang nasa pagitan nitong dalawa, na* '***Al-`Azeez***' *– ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang paghihiganti, na* '***Al-Ghaffâr***' *– ang Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng sinumang nagsipagsisi at nagbabalik-loob tungo sa Kanyang pagmamahal*."

67-68. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa iyong sambayanan, "*Katiyakan, ang Kabanal-banalan na Qur'ân na ito ay magandang balita na dakila ang kapakinabangan nito, subali't nakaliligtaan ninyo ito na nilalayuan ninyo na hindi ninyo sinusunod!*

69. "*Wala akong kaalaman sa marangal na pagtatalo ng mga anghel sa kalangitan hinggil sa paglikha kay Âdam* (عليه السلام), *kung hindi ito itinuro ng Allâh* (ﷻ) *sa akin at binigyan Niya ako ng Kapahayagan*.

70. "*Hindi ako pinagpayahagan ng Allâh* (ﷻ) *ng kaalaman na hindi ko alam kundi upang balaan ko kayo sa Kanyang kaparusahan at linawin sa inyo ang Kanyang batas.*"

71-72. Ipaalaala mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Noong sinabi ng Allâh* (ﷻ) *na iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa mga anghel*, '*Katiyakan*, *Ako ay lilikha ng isang tao mula sa alabok. At kapag naihugis Ko na ang kanyang katawan at nalikha Ko na siya*, *at naihinga Ko na sa kanya ang kanyang kaluluwa*, *at nagkaroon na siya ng buhay ay magpatirapa kayo sa kanya ng pagpapatirapa bilang pagbati at parangal*, *at hindi bilang pagsamba at pagdakila*; *dahil ang pagsamba ay hindi maaari kundi sa Allâh* (ﷻ) *lamang na Bukod-Tangi*. *Subali't sa batas ng huling kapayahagan ang pagpapatirapa bilang pagbati at parangal ay ipinagbawal na*.'".

73-74. Nagpatirapa ang lahat ng mga anghel bilang pagsunod at pagpapatupad sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) maliban kay Iblees, dahil walang pag-aalinlangan, hindi siya nagpatirapa kundi bilang pagmamataas at siya ay kabilang sa mga walang pananampalataya na nauna na sa kaalaman ng Allâh (ﷻ).

75. Sinabi ng Allâh (ﷻ) kay Iblees: "*Ano ang nagpigil sa iyo na magpatirapa sa kanya na pinarangalan Ko at nilikha Ko siya sa pamamagitan ng Aking dalawang kamay? Nagmataas ka ba kay Âdam o ikaw ay kabilang sa mga mapagmataas sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha?*" Nasa talatang ito ang katibayan hinggil sa katangian ng Allâh (ﷻ) na dalawang kamay ayon sa pagtatangi na angkop sa Kanyang kadakilaan.

76. Sinabi ni Iblees bilang pagsalungat sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha: "*Hindi ako nagpatirapa sa kanya*, *dahil ako ay mas higit na mabuti kaysa sa kanya*, *dahil sa nilikha Mo ako mula sa apoy at siya ay nilikha Mo mula sa alabok.*" (At ang apoy ay mas mabuti kaysa sa alabok batay sa pananaw ni Iblees).

77-78. Sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanya: "*Umalis ka sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*), *dahil ikaw ay isinumpa*, *at ikaw ay inilayo*, *at katiyakang para sa iyo ay pagtataboy at patuloy na paglalayo mula sa Awa ng Allâh* (ﷻ) *hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.*"

79. Sinabi ni Iblees: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Iantala mo ang aking buhay*, *at huwag Mo akong patayin hanggang sa Araw na bubuhayin Mo na mag-uli ang mga tao mula sa kanilang mga libingan.*"

80-81. Sinabi ng Allâh (ﷻ) sa kanya: "*Katiyakan*, *ikaw ay kabilang sa inantala hanggang sa panahon na nakatakda*, *na ito ay Araw ng unang pag-ihip ng trumpeta na roon ay mamamatay ang lahat ng mga nilikha.*"

82-83. Sinabi ni Iblees: "*Sumusumpa ako sa Kataas-taasan Mo at Kadakilaan Mo*, *O aking* '*Rabb!*' *Ililigaw ko ang lahat ng angkan ni Âdam*, *maliban sa sinumang taos-puso*, *dalisay sa pagsamba sa Iyo mula sa kanila at pinangalagaan Mo mula sa aking pagligaw at hindi Mo ako binigyan ng daan tungo sa kanila*."

الجزء الثالث والعشرون سورة الزمر
قَالَ فَالْحَقُّ وَالْحَقَّ أَقُولُ ﴿٨٤﴾ لَأَمْلَأَنَّ جَهَنَّمَ مِنكَ وَمِمَّن تَبِعَكَ
مِنْهُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٨٥﴾ قُلْ مَا أَسْـَٔلُكُمْ عَلَيْهِ مِنْ أَجْرٍ وَمَا أَنَا مِنَ الْمُتَكَلِّفِينَ
﴿٨٦﴾ إِنْ هُوَ إِلَّا ذِكْرٌ لِّلْعَالَمِينَ ﴿٨٧﴾ وَلَتَعْلَمُنَّ نَبَأَهُۥ بَعْدَ حِينٍۭ ﴿٨٨﴾
سُورَةُ الزُّمَرِ
بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ
تَنزِيلُ الْكِتَٰبِ مِنَ اللَّهِ الْعَزِيزِ الْحَكِيمِ ﴿١﴾ إِنَّآ أَنزَلْنَآ إِلَيْكَ
الْكِتَٰبَ بِالْحَقِّ فَاعْبُدِ اللَّهَ مُخْلِصًا لَّهُ الدِّينَ ﴿٢﴾ أَلَا
لِلَّهِ الدِّينُ الْخَالِصُ ۚ وَالَّذِينَ اتَّخَذُوا مِن دُونِهِۦٓ أَوْلِيَآءَ
مَا نَعْبُدُهُمْ إِلَّا لِيُقَرِّبُونَآ إِلَى اللَّهِ زُلْفَىٰٓ إِنَّ اللَّهَ يَحْكُمُ بَيْنَهُمْ
فِى مَا هُمْ فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ۗ إِنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِى مَنْ هُوَ كَٰذِبٌ
كَفَّارٌ ﴿٣﴾ لَّوْ أَرَادَ اللَّهُ أَن يَتَّخِذَ وَلَدًا لَّٱصْطَفَىٰ مِمَّا
يَخْلُقُ مَا يَشَآءُ ۚ سُبْحَٰنَهُۥ ۖ هُوَ اللَّهُ الْوَٰحِدُ الْقَهَّارُ ﴿٤﴾
خَلَقَ السَّمَٰوَٰتِ وَالْأَرْضَ بِالْحَقِّ ۖ يُكَوِّرُ الَّيْلَ عَلَى النَّهَارِ
وَيُكَوِّرُ النَّهَارَ عَلَى الَّيْلِ ۖ وَسَخَّرَ الشَّمْسَ وَالْقَمَرَ ۖ
كُلٌّ يَجْرِى لِأَجَلٍ مُّسَمًّى ۗ أَلَا هُوَ الْعَزِيزُ الْغَفَّارُ ﴿٥﴾

84-85. Sinabi ng Allâh (ﷻ): "*Ang katotohanan ay mula sa Akin*, *at wala Akong sinasabi maliban sa katotohanan*, *walang pag-aalinlangan*, *pupunuin Ko ang Impiyerno magmula sa iyo at sa iyong mga angkan*, *gayundin ang sinumang susunod sa iyo mula sa angkan ni Âdam*, *lahat-lahat.*"

86. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga hindi naniniwala mula sa iyong sambayanan: "*Hindi ako humihingi sa inyo ng kabayaran o kapalit sa aking paanyaya sa inyo at paggagabay*, *at hindi ko inaangkin ang anuman na wala akong karapatan*, *kundi ang sinusunod ko lamang ay ang anuman na ipinahayag sa akin*, *hindi ako nagkukunwari at hindi ako nagmamaang-maangan at hindi ako nag-iimbento.*"

87. Ang Dakilang Qur'ân na ito ay walang iba kundi paalala sa lahat ng mga nilalang, '*jinn*' man o tao, na matutunan nila rito ang anumang kapaki-pakinabang sa kanila na makabubuti sa kanilang paniniwala at sa makamundong buhay.

88. Katiyakan, malalaman ninyo, O kayong mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, ang kuwento ng Qur'ân na ito at ang pagiging totoo nito, kapag nangibabaw na ang Islâm, at papasok na ang mga tao rito nang magkakasunod na mga grupo, at ganoon din kapag nangyari na sa inyo ang kaparusahan, at wala na kayong magagawa na anumang kaparaanan.

سورة الزمر 39

XXXIX – Surât Az-Zumar

[**Kabanata Az-Zumar** – Ang Mga Grupo]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Ang pagbababa ng Aklat na ito ay nagmula lamang sa Allâh (ﷻ) na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang kakayahan at sa Kanyang pagpaparusa, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa at sa mga alituntunin ng Kanyang Batas.

2. Katiyakan, ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Dakilang Qur'ân, na nag-uutos ng katotohanan at katarungan, na kung kaya, sambahin mo ang Allâh (ﷻ) nang bukod-tangi, at maging taos-puso ang iyong pagsagawa sa lahat ng alituntunin ng iyong '*Deen*.'

3. Dapat mong mabatid na ang '*Deen*' ay pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi, na ito ay ang ganap na pagsunod na malayo sa anumang pagtatambal sa pagsamba, at ang mga yaong sumamba ng iba bukod sa Allâh at nagturing ng mga tagapangalaga na sinasandalan bukod sa Kanya, sinabi nila:

"*Hindi namin sinasamba ang mga diyus-diyusan na ito bilang katambal sa pagsamba sa Allâh kundi upang ang mga ito ay maging tagapamagitan sa amin sa Allâh*, *mapalapit kami sa Allâh at iangat sa amin ang aming antas sa Allâh*."

Na kung kaya, sila ay lumabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng ganitong gawain; dahil ang pagsamba at pamamagitan ay pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ). Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hinahatulan Niya ang pagitan ng mga mananampalataya na dalisay na sumasamba sa Kanya at '*Mushrikûn*' (mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh) sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at huhukuman Niya ang anuman na hindi nila pinagkasunduan sa pagsamba, na tutumbasan Niya ang bawa't isa sa kanila ng anuman na karapat-dapat na para sa kanila.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya ginagabayan tungo sa Matuwid na Landas ang sinumang nagsisinungaling laban sa Allâh (ﷻ), na di-naniniwala sa Kanyang mga palatandaan at mga katibayan.

4. Kung nanaisin lamang ng Allâh (ﷻ) na magkaroon ng anak ay pumili na Siya sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang nilikha, subali't kailanman ay hindi ito maaaring mangyari! Luwalhati sa Allâh (ﷻ), Siya ay Malinis at Ganap na Dalisay, na Siya ay malayo sa pagkakaroon ng anak, dahil Siya ay '***Al-Wâhid***' – ang Bukod-Tangi na Nag-iisa, na Bukod-Tangi na sinasandigan, na '***Al-Qahhâr***' – ang Tagapagpigil na Siyang kumukuntrol sa Kanyang mga nilikha sa pamamagitan ng Kanyang Kapangyarihan, lahat ng bagay ay nagpapasailalim sa Kanya.

5. Nilikha ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan at ang kalupaan at ang anuman na nasa pagitan nitong dalawa bilang makatotohanan, dinadala Niya ang gabi sa araw at dinadala Niya ang araw sa gabi. At ginawa Niyang madali ang kapakinabangan ng mga tao sa araw at sa buwan, at ang bawa't isa ay gumagalaw (umiinog) sa bawa't '*orbit*' o ligiran nito hanggang sa Araw ng pagkagunaw ng sandaigdigan.

Dapat mong mabatid, na ang Allâh (ﷻ) ay ginagawa Niya ang mga gawaing ito at binibiyayaan ang Kanyang mga nilikha ng mga ganitong biyaya na Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap Makapangyarihan sa Kanyang nilikha, na '***Al-Ghaffâr***' – ang Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng mga nagsipagsisi at humihingi ng kapatawaran.

6. Nilikha kayo ng Allâh (ﷻ) na inyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, O kayong mga tao, mula kay Âdam (عليه السلام) at nilikha Niya mula sa kanya (Âdam عليه السلام) ang kanyang asawa, at nilikha Niya para sa inyo ang mga hayop na ang bawa’t isa ay walong uri, babae man at saka lalaki na kamelyo, baka, tupa at kambing, at nilikha Niya kayo sa mga sinapupunan ng inyong mga ina na yugtu-yugto, pagkakalikha pagkatapos ng pagkakalikha na nasa mga tatlong talukbong na mga kadiliman na ito ay tiyan, sinapupunan at inunan o ‘*placenta*.’ Ganito ang Allâh (ﷻ) na Siyang lumikha ng mga bagay na ito, na iyong Bukod-Tanging ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha na Tagapagmay-ari ng lahat, na Siya lamang ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin, na kung kaya, paano kayo lumilihis sa pagsamba sa Kanya tungo sa pagsamba ng iba mula sa Kanyang nilikha?

7. Kung kayo ay hindi maniwala, O kayong mga tao, sa Allâh (ﷻ) na inyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha at tumanggi kayo sa Kanya at hindi kayo sumunod sa Kanyang mga Sugo, walang pag-aalinlangang Siya ay hindi nangangailangan sa inyo, kundi kayo ang ganap na nangangailangan sa Kanya, at hindi Niya tinatanggap sa Kanyang alipin ang pagtanggi at hindi Niya ito ipinag-uutos sa kanila, at ang katanggap-tanggap lamang sa Kanya ay ang pagtanaw ng utang na loob sa Kanyang Biyaya sa kanila. At hindi ipapapasan sa sinumang tao ang kasalanan ng iba. Pagkatapos, sa Allâh (ﷻ) na inyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha kayo ay ibabalik upang sabihin Niya sa inyo ang inyong kinaugalian na gawin at kayo ay huhukuman ayon dito. Katiyakan, Siya ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa mga lihim ng tao at ang anumang kinikimkim ng mga dibdib.

8. At kapag nangyari sa tao ang pagsubok, kagipitan at karamdaman ay maaalala niya ang Allâh (ﷻ), at siya ay hihingi ng saklolo at mananalangin sa Kanya, pagkatapos kapag tinugunan siya at pinawi ang kanyang hirap at pinagkalooban siya ng mga biyaya, ay makakalimutan niya ang kanyang ginawang panalangin sa

kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha noong siya ay nangangailangan pa sa Kanya, at sasamba siya ng iba bukod sa Kanya; upang iligaw niya ang iba mula sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagsunod sa Kanya.

Sabihin mo sa kanya, O Muhammad (ﷺ), bilang babala: "*Magpakasaya ka na nang panandalian sa iyong paglabag hanggang dumating ang iyong kamatayan*, *dahil walang pag-aalinlangan*, *ikaw ay kabilang sa mananatili sa Impiyernong-Apoy*."

9. Siya ba na hindi naniniwala at nagpakasaya sa kanyang pagtanggi ay mas mabuti, o ang sinumang sumamba nang bukod-tangi sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at sumusunod sa Kanya na siya ay patuloy sa kanyang pagsamba at pagpapatirapa sa Allâh (ﷻ) sa mga oras ng gabi na natatakot sa kaparusahan ng Allâh sa Kabilang-Buhay at naghahangad ng Kanyang habag?

Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Maaari bang magkapantay ang nakakikilala sa Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang tunay na* '*Deen*,' *sa mga yaong wala silang kaalam-alam hinggil sa mga bagay na ito?*"

Kailanman ay hindi sila maaaring maging magkatulad. Ang nakaaalaala lamang at nakaaalam ng pagkakaiba nito ay ang mga taong nagmamay-ari ng mga matitinong kaisipan.

10. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa Aking mga alipin na naniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo: "*Matakot kayo sa Allâh* (ﷻ) *na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa pamamagitan ng pagsunod ninyo sa Kanya at pag-iwas sa anumang labag sa Kanya. Para sa mga mabubuti rito sa daigdig sa kanilang pagsamba sa kanilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at pagsunod sa Kanya ang mga mabuting gantimpala sa Kabilang- Buhay na ito ay* '*Al-Jannah*' (*Hardin*), *at mabuting gantimpala rito sa daigdig na ito ay kalusugan*, *kabuhayan*, *tagumpay at iba pa*.

"*Ang kalupaan ng Allâh* (ﷻ) *ay malawak*, *na kung kaya*, *mangibang-bayan kayo mula rito tungo sa lugar*, *na kung saan*, *doon ninyo masasamba ang inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha nang walang pinangangambahan*, *at maisakaturapan ninyo ang pagtaguyod ng Kanyang* '*Deen*.' *Katiyakan*, *ipagkakaloob sa mga matiisin sa Kabilang-Buhay ang kanilang gantimpala nang ganap*, *na wala nang pagtutuos*."

11-12. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga tao: "*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay inutusan Niya ako at ang sinuman na susunod sa akin na maging taos-puso sa pagsamba sa Kanya nang bukod-tangi at wala nang iba*, *at inutusan Niya ako na maging kauna-unahan sa susuko bilang Muslim mula sa aking sambayanan*." Na kung kaya, nagpasailalim siya sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sumamba lamang nang bukod-tangi sa Kanya at tinanggihan ang lahat ng sinasamba bukod sa Kanya.

13. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga tao: "*Katiyakan*, *ako ay natatakot na kapag nilabag ko ang Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa Kanyang ipinag-uutos sa akin na pagsamba sa Kanya at taos-puso na pagsunod sa Kanya*, *sa Kanyang kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay na sa Araw na yaon ay kagimbal-gimbal na pangyayari.*"

14-15. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *sinasamba ko ang Allâh* (ﷻ) *nang bukod-tangi na walang katambal na taos-puso ang aking pagsamba at pagsunod sa Kanya*, *na kung kaya*, *sambahin ninyo*, *O kayong mga walang pananampalataya*, *ang sinuman na nais ninyo bukod sa Allâh na mga rebulto*, *mga diyus-diyusan at iba pa sa Kanyang mga nilikha*, *at ito kailanman ay hindi makapipinsala sa akin.*" At ito ay bilang panakot at babala sa sinumang sumamba ng iba bukod sa Allâh.

Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Ang tunay na talunan ay ang mga yaong naging talunan ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pamilya sa Araw ng Muling Pagkabuhay*, *dahil sa kanilang panlilinlang at pagligaw sa kanila sa daigdig mula sa tamang paniniwala. At dapat mong mabatid na ang pagkatalo nila na mga walang pananampalataya at sumasamba ng iba bukod sa Allâh sa kanilang mga sarili at sa kanilang mga pamilya sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay ito ang malinaw na pagkatalo!*"

16. Sila ang mga yaong talunan na ang para sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa Impiyerno ay ang nasa itaas nila ay mga parusa mula apoy na parang ulap na nakataklob sa kanila at sa ibaba nila ay gayundin. Ganitong parusa na ipinapanakot ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin; upang sila ay balaan: "*O Aking mga alipin*, *matakot kayo sa Akin sa pamamagitan ng pagsunod sa Aking mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Aking mga ipinagbabawal*."

17-18. At ang mga yaong iniwasan ang pagsunod kay '*Shaytân*' at pagsamba ng iba bukod sa Allâh, at sila ay nagbalik-loob sa pagsisisi tungo sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya na taos-puso at pagsunod sa Kanyang '*Deen*,' para sa kanila ang magandang balita rito sa buhay sa daigdig bilang papuri sa kanila at gabay na mula sa Allâh (ﷻ), at sa Kabilang-Buhay naman ay pagmamahal ng Allâh (ﷻ) at ang kanyang patuloy na kasiyahan na ipinagkaloob sa '*Al-Jannah*' (Hardin). Na kung kaya, ipamalita mo, O Muhammad (ﷺ), ang magandang balita sa Aking mga alipin na nakikinig ng salita at sinusunod ang anumang pinakamabuti mula rito. Ang pinakamabuting salita at pinakamatuwid ay ang salita ng Allâh (ﷻ), pagkatapos ay kasunod nito ay ang salita ng Kanyang Sugo. Sila ang mga yaong ginabayan ng Allâh (ﷻ) sa patnubay at gabay, pinatnubayan sila sa pinakamabuting pag-uugali at gawain, at sila ang mga yaong nagtatangan ng mga matutuwid na pag-iisip.

19. Ang sinuman na naging karapat-dapat sa kanya ang kaparusahan; dahil sa kanyang patuloy na pagkaligaw at pagmamatigas, katiyakang wala ka nang magagawa pa na kahit na anuman para siya ay gabayan, O Muhammad (ﷺ), dahil may kakayahan ka ba na iligtas ang sinuman na nasa Impiyerno? Wala kang kakayahan na gawin ito!

20. Subali't ang mga yaong natakot sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, sa pamamagitan ng pagsunod at taos-pusong pagsamba sa Kanya, ang para sa kanila sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ay mga silid na ginawa na magkakapatung-patong, na umaagos sa ilalim ng mga puno nito ang mga ilog, ipinangako ng Allâh (ﷻ) ito sa Kanyang mga alipin na mga matatakutin ng totoong pangako, at hindi sinisira ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang pangako.

21. Hindi mo ba nakita, O Muhammad (ﷺ), na ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangang ibinababa Niya mula sa ulap ang ulan at ito ay ipinapasok Niya sa kalupaan, at ginawa Niya ito na mga bukal na bumubukal at mga ilog na umaagos, pagkatapos ay pinasisibol Niya sa pamamagitan nitong tubig ang iba't ibang uri at kulay ng mga pananim, pagkatapos ito ay matutuyo pagkatapos ng pagiging luntian at sariwa nito, at makikita mo na maninilaw ang kulay nito, pagkatapos ay gagawin Niya na tuyot at pira-piraso? Katiyakan, sa ganitong gawain ng Allâh (ﷻ) ay pagpaalaala at pagpapayo sa mga nagmamay-ari ng mga matitinong kaisipan.



22. Ang sinuman na binuksan ng Allâh (ﷻ) ang kalooban sa Islâm at siya ay nasiyahan sa pagtanggap ng Islâm at pagsunod at paniniwala sa Allâh (ﷻ), na kung kaya, walang pag-aalinlangang siya ay nasa katiyakang liwanag sa kanyang kalagayan at gabay mula sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, ay magiging katulad ba kung gayon ng sinuman na wala sa ganitong kalagayan? Hindi maaaring maging magkatulad. Na kung kaya, kapighatian, kapahamakan sa kanila na tumigas ang kanilang mga puso at tinalikuran ang pag-alaala sa Allâh (ﷻ), sila ang malinaw na nasa pagkaligaw mula sa katotohanan.

23. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagbaba ng Pinakamabuting Salita, na ito ay ang dakilang Qur'ân, na magkakaparehas ang ganda nito at pagtutugma-tugma nito na hindi nagkakasalungatan, inuulit ang mga kuwento at ang mga alituntunin ng batas na nakapaloob dito, at ang mga katibayan at ang paglilinaw, na nanginginig ang mga balat at natatakot ang nakaririnig nito na may takot sa Allâh (ﷻ); dahil sa bisa ng anumang nasa loob nito na mga nakatatakot at babala, pagkatapos ay manlalambot ang kanilang balat at mga puso nila; dahil sa kanilang pag-asa sa anumang ipinangako at mga magagandang balita, at ang ganitong bunga ng pagkarinig ng Kabanal-banalan na Qur'ân ay gabay na mula sa Allâh (ﷻ) para sa Kanyang mga alipin. At ang Allâh (ﷻ) ay ginabayan Niya sa pamamagitan ng Qur'ân ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin. At ang sinumang iligaw ng Allâh (ﷻ) mula sa paniniwala sa Kabanal-banalan na Qur'ân; dahil sa kanyang pagtanggi at pagmamatigas ay wala nang sinuman ang makagagabay pa sa kanya.

24. Ang sinumang itinatapon sa Impiyerno na nakakadena at nakapamatok ang kanyang mga kamay sa kanyang leeg na wala na siyang ipananangga sa Impiyerno kundi ang kanyang mukha; dahil sa kanyang di-paniniwala at pagkaligaw ay mas mabuti ba siya o ang binibiyayaan ng kaligayahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin); dahil ang Allâh (ﷻ) ay ginabayan siya? At sasabihin sa Araw na yaon sa mga masasama:

"*Lasapin ninyo ang kaparusahan sa anumang inyong ginawa na mga kasalanan sa Allâh* (ﷻ) *sa daigdig*."

25-26. Tinanggihan ng mga nauna kaysa sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), ang mga Sugo na ipinadala sa kanila, na kung kaya, dumating sa kanila ang kaparusahan na hindi nila namamalayan, at pinatikim ng Allâh (ﷻ) sa mga walang pananampalataya na mga naunang sambayanan ang kaparusahan at paghahamak dito sa daigdig, at inihanda sa kanila ang masidhing kaparusahan sa Kabilang-Buhay, kung alam lamang nila na mga walang pananampalataya ang anuman na mangyayari sa kanila; dahil sa kanilang di-paniniwala at pagtanggi ay magiging aral ito sa kanila.

27-28. At katiyakan, nagbigay Kami sa kanila na mga di-naniniwala sa Allâh ng halimbawa na nasa Dakilang Qur'ân na paghahambing sa bawa't pangyayari sa mga naunang tao upang sila ay takutin at balaan; nang sa gayon ay makaalaala sila at lumayo sa anuman na kinaroroonan nila na pagtanggi at di-paniniwala sa Allâh. At ginawa Namin ang Dakilang Qur'ân na ito na wikang '*Arabic*' na malinaw ang mga salita nito at madaling intindihin ang mga kahulugan nito, hindi malabo at walang paliku-liko; upang sila ay matakot sa Allâh (ﷻ) na sumunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at umiwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.

29. Nagbigay ng halimbawa ang Allâh (ﷻ) ng isang alipin na ang nagmamay-ari sa kanya ay maraming tao na siya ay pinag-aawayan nila, na kung kaya, siya ay nalilito kung paano masisiyahan sa kanya ang mga nang-aalipin sa kanya, at ang isang alipin naman na bukod-tangi na pagmamay-ari lamang ng isang tao na alam nitong alipin kung ano ang gusto at naiibigan sa kanya noong nang-aalipin sa kanya, maaari bang magkaparehas ang dalawa? Hindi maaaring magkaparehas ang dalawa, na kung kaya, ganoon ang sumasamba ng iba na maraming sinasamba ay nasa pangamba at walang katiyakan, at ang naniniwala naman sa Allâh (ﷻ) ay nasa kapayapaan at kapanatagan. Na kung kaya, ang ganap na papuri ay pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi, subali't ang mga di-naniniwala at sumasamba ng iba ay hindi nila alam ang katotohanan upang ito ay kanilang sundin.

30-31. Katiyakan, ikaw, O Muhammad (ﷺ), ay mamamatay, at katiyakan, sila ay mamamatay din. Pagkatapos kayong lahat, O kayong mga tao, sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay magtatalu-talo roon sa harapan ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at huhukuman Niya ang pagitan ninyo nang makatarungan at pantay.



32. Wala nang hihigit pang kasamaan kaysa sa sinumang nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh (ﷻ): na inihanay niya sa Allâh (ﷻ) ang anuman na hindi karapat-dapat sa Kanya na katulad ng pagtatambal o pagkakaroon ng anak, o di kaya ay sinabi niya: "*Binigyan ako ng kapahayagan*," samantalang walang anumang kapahayagan na dumating sa kanya, at wala nang sinumang masama kaysa sa sinumang tinanggihan ang katotohanan na ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ). Di ba sa Impiyerno ang patutunguhan at tirahan ng sinumang hindi naniwala sa Allâh (ﷻ) at hindi pinaniwalaan si Muhammad (ﷺ)? Tunay nga!

33. At siya na dala-dala ang katotohanan sa pamamagitan ng kanyang salita at kanyang gawa na mula sa mga Propeta at sa kanilang mga tagasunod, na ito ay kanyang pinaniwalaan ng tunay na paniniwala at pagsunod, sila ang mga yaong nabuo nila ang katangian ng pagkatakot sa Allâh (ﷻ), at ang pinakapangunahin sa kanila ay ang pinakahuli sa mga Propeta at mga Sugo na si Muhammad (ﷺ) at ang mga naniwala sa kanya, na ipinatutupad nila ang batas ng Allâh (ﷻ) na sila ang mga kasamahan ni Propeta Muhammad at ang sinuman na sumunod pagkatapos nila hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

34. Para sa kanila ang anuman na kanilang nais mula sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha na iba't ibang uri ng mga kaligayahan at mga masasarap na pagkain at anumang kaibig-ibig sa kanilang mga sarili; at ito ay bilang pagtutumbas sa sinumang sumunod sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng tunay na pagsunod, at sinamba Siya ng tunay na pagsamba.

35. Upang patawarin sila sa anuman na masamang nagawa nila sa daigdig; dahil sa kanilang pagsisisi at pagbabalik-loob sa Allâh (ﷻ) mula sa kanilang nagawang mga kasalanan, at gagantimpalaan sila ng Allâh (ﷻ) sa kanilang ginawang pagsunod noong sila ay nasa daigdig pa nang higit pang kabutihan sa anuman na kanilang nagawa na ito ay '*Al-Jannah*' (Hardin).

36. Hindi ba sapat na ang Allâh (ﷻ) sa Kanyang pangangalaga sa Kanyang alipin na si Muhammad (ﷺ) mula sa pagpababala ng mga walang pananampalataya at ng kanilang mga masasamang pakana na ito ay hindi nangyari sa kanya?

Tunay nga na walang pag-aalinlangang aalagaan siya ng Allâh (ﷻ) sa kanyang kalagayan hinggil sa kanyang '*Deen*' at makamundong buhay, at ilalayo sa kanya ang sinuman na nagnanais ng masama. Magkagayunpaman ay sinisikap nila na takutin ka, O Muhammad (ﷺ), sa pamamagitan ng kanilang mga diyus-diyusan na inaangkin nilang makagagawa ang mga ito ng anumang di-kanais-nais sa iyo. At ang sinumang ipapahamak ng Allâh (ﷻ) at ililigaw Niya mula sa Daan ng Katotohanan ay wala nang sinuman ang makagagabay pa sa kanya.

37. At sinuman ang gabayan ng Allâh (ﷻ) sa paniniwala at pagpapatupad ng Kanyang batas at pagsunod sa Kanyang Sugo ay wala nang sinuman ang makapagliligaw pa sa kanya mula sa Katotohanan na kanyang kinalalagyan. Di ba ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang pagpaparusa sa sinumang hindi naniwala mula sa Kanyang nilikha at sinumang lalabag sa Kanya?

38. At kapag tinanong mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga walang pananampalataya na sumasamba ng iba bukod sa Allâh: "*Sino ang lumikha nitong mga kalangitan at kalupaan?*" Walang pag-aalinlangang kanilang sasabihin: "*Nilikha ng Allâh ang mga ito*," na kung kaya, inaamin nila kung sino ang Tagapaglikha. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ):

"*Makakayanan ba ng inyong diyus-diyusan na inyong sinasamba bukod sa Allâh na ilalayo ang anumang hindi kanais-nais na itinakda ng Allâh* (ﷻ) *sa akin*, *o di kaya ay aalisin sa akin ang anuman na hindi ko gusto na mangyari sa akin? O di kaya ay makakayanan ba niya na pigilin sa akin ang kapakinabangan na ginawa ng Allâh* (ﷻ) *na madali para sa akin o di kaya ay puwede ba niyang pigilin ang biyaya ng Allâh* (ﷻ) *para sa akin?*"

Walang pag-aalinlangan, sasabihin nila: "*Hindi niya makakayanan!*" Kung gayon, sabihin mo sa kanila, "*Sapat na sa akin ang Allâh* (ﷻ) *bilang aking Tagapangalaga*, *na Siya ang pinagkakatiwalaan ng nagtitiwala sa Kanya na mga mananampalataya sa pagkamit nila ng anumang ikabubuti nila at paglayo sa anumang makapipinsala sa kanila*, *na kung kaya*, *sinuman ang nagtatangan ng Bukod-Tanging Pangangalaga ay ipinauubaya ko ang aking sarili sa Kanya at walang pag-aalinlangang pangangalagaan Niya ako sa anuman na aking suliranin.*"

39-40. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa iyong sambayanan na nakikipagmatigasan: "*Gawin na ninyo ngayon ang anuman na inyong nais na gawin sa inyong sarili*, *dahil ang sinasamba ninyo ay walang karapatang sambahin*, *na wala itong magagawa na anumang bagay*, *at ako naman ay gagawin ko rin ang anumang ipinag-utos sa akin na pakikipagharap sa Bukod-Tanging Allâh* (ﷻ) *sa aking mga sinasabi at mga gawain*, *at walang pag-aalinlangan*, *mababatid ninyo kung sino ang daratnan ng parusa na ipapahamak siya sa buhay dito sa daigdig*, *at darating sa kanya ang walang katapusang parusa sa Kabilang-Buhay na hindi mapipigilan at hindi matatapos*."


إِنَّآ أَنزَلْنَا عَلَيْكَ ٱلْكِتَٰبَ لِلنَّاسِ بِٱلْحَقِّ ۖ فَمَنِ ٱهْتَدَىٰ
فَلِنَفْسِهِۦ ۖ وَمَن ضَلَّ فَإِنَّمَا يَضِلُّ عَلَيْهَا ۖ وَمَآ أَنتَ عَلَيْهِم
بِوَكِيلٍ ﴿٤١﴾ ٱللَّهُ يَتَوَفَّى ٱلْأَنفُسَ حِينَ مَوْتِهَا وَٱلَّتِى
لَمْ تَمُتْ فِى مَنَامِهَا ۖ فَيُمْسِكُ ٱلَّتِى قَضَىٰ عَلَيْهَا ٱلْمَوْتَ
وَيُرْسِلُ ٱلْأُخْرَىٰٓ إِلَىٰٓ أَجَلٍ مُّسَمًّى ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ
لِّقَوْمٍ يَتَفَكَّرُونَ ﴿٤٢﴾ أَمِ ٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ شُفَعَآءَ ۚ
قُلْ أَوَلَوْ كَانُوا۟ لَا يَمْلِكُونَ شَيْـًٔا وَلَا يَعْقِلُونَ ﴿٤٣﴾
قُل لِّلَّهِ ٱلشَّفَٰعَةُ جَمِيعًا ۖ لَّهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ ثُمَّ
إِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٤٤﴾ وَإِذَا ذُكِرَ ٱللَّهُ وَحْدَهُ ٱشْمَأَزَّتْ
قُلُوبُ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْءَاخِرَةِ ۖ وَإِذَا ذُكِرَ ٱلَّذِينَ مِن
دُونِهِۦٓ إِذَا هُمْ يَسْتَبْشِرُونَ ﴿٤٥﴾ قُلِ ٱللَّهُمَّ فَاطِرَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ
وَٱلْأَرْضِ عَٰلِمَ ٱلْغَيْبِ وَٱلشَّهَٰدَةِ أَنتَ تَحْكُمُ بَيْنَ عِبَادِكَ
فِى مَا كَانُوا۟ فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ﴿٤٦﴾ وَلَوْ أَنَّ لِلَّذِينَ ظَلَمُوا۟
مَا فِى ٱلْأَرْضِ جَمِيعًا وَمِثْلَهُۥ مَعَهُۥ لَٱفْتَدَوْا۟ بِهِۦ مِن سُوٓءِ ٱلْعَذَابِ
يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۚ وَبَدَا لَهُم مِّنَ ٱللَّهِ مَا لَمْ يَكُونُوا۟ يَحْتَسِبُونَ ﴿٤٧﴾

41. Katiyakan, ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Dakilang Qur'ân bilang katotohanan na gabay para sa sangkatauhan, tungo sa Daan ng Patnubay, na kung kaya, sinuman ang tumanggap ng patnubay ng liwanag nito, at isinagawa niya ito, at nagpakatuwid siya sa alituntunin nito, ay para rin lamang sa kanyang sarili ang kapakinabangan nito, at sino naman ang naligaw pagkatapos na maging malinaw sa kanya ang patnubay, katiyakang ang sarili lamang niya ang kanyang naipahamak at kailanman ay hindi niya maipapahamak ang Allâh (ﷻ). At hindi ipinagkatiwala sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na pangalagaan sila sa kanilang gawain at papanagutin mo sila na pilitin mo sila sa anuman na iyong nais, kundi ang tungkulin mo lamang ay iparating ang mensahe sa kanila.

42. Ang Allâh (ﷻ), Siya ang kumukuha ng mga kaluluwa sa oras ng kamatayan nito, na ito ay ang tunay na kamatayan bilang kamatayan na katapusan ng buhay dito sa daigdig, at ganoon din, kinukuha rin Niya ang kaluluwa ng sinumang hindi pa natatapos ang kanyang buhay sa oras ng kanyang pagtulog na ito ay tinatawag na maliit na kamatayan. Hindi na Niya ibinabalik pa ang kaluluwa ng sinumang nakatakda na ang kamatayan para sa kanya, at ibinabalik naman ang ibang kaluluwa sa katawan nito kapag hindi pa oras ng kamatayan upang buuin ang nakatakdang buhay at kabuhayan nila.

Katiyakan, sa pagkuha ng Allâh (ﷻ) sa kaluluwa ng mga namamatay at sa mga natutulog at ang pagbabalik Niya sa kaluluwa ng natutulog at pagpapanatili Niya (o di na Niya pagbabalik) sa kaluluwa (sa katawan) na nakatakda na ang kamatayan, ay mga malilinaw na palatandaan sa kakayahan ng Allâh (ﷻ) para sa sinumang nag-iisip at nagsusuri.

43. O di kaya ay kumuha ba sila na mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh na mga diyus-diyusan – ng iba na sinasamba bilang tagapamagitan nila, na tutulong sa kanila sa Allâh (ﷻ) upang makamtan nila ang kanilang mga

pangangailangan? Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila: "*Itinuturing ba ninyo ang mga ito bilang tagapamagitan sa inyo na tulad ng inyong pag-aangkin*, *kahit na ang mga diyus-diyusan na ito ay walang anumang pagmamay-ari at walang pag-iisip na malaman ang inyong ginawang pagsamba sa kanila?*"

44. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga walang pananampalataya: "*Ang Allâh* (ﷻ) *lamang ang Siyang Nagmamay-ari ng kapahintulutan sa lahat ng uri ng pamamagitan*, *Pagmamay-ari Niya ang mga kalangitan at ang kalupaan at ang anumang nasa loob nito*, *na kung kaya*, *ang lahat ng bagay ay bukod-tanging Pagmamay-ari lamang ng Allâh* (ﷻ), *at walang sinuman ang makapamamagitan sa Kanya maliban sa sinumang pinahintulutan Niya*, *na kung kaya*, *dahil sa Siya ang Nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan na Siya ang nangangasiwa nito*, *nararapat lamang kung gayon na kung sino ang tunay na Tagapagmay-ari nito ay sa Kanya lamang hilingin ang pamamagitan at Siya lamang ang bukod-tanging sambahin*, *at hindi maaaring hilingin sa mga diyus-diyusan na hindi man lamang nakapagsasanhi ng kapinsalaan ni nakapagdudulot ng kapakinabangan*, *pagkatapos sa Kanya* (*Allâh* ﷻ) *lamang kayo babalik lahat pagkatapos ng inyong kamatayan para sa paghahatol at pagbabayad*."

45. At kapag binanggit o pinuri ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi ay nayayamot ang mga puso ng mga hindi naniniwala sa Kabilang-Buhay at sa Pagkabuhay na Mag-uli pagkatapos ng kamatayan, at kapag binanggit naman yaong iba na bukod sa Kanya na mga rebulto at mga diyus-diyusan at ang kanilang mga sinasandalan ay nagagalak sila; dahil ang pagsamba ng iba bukod sa Allâh ang sinasang-ayunan ng kanilang mga pagnanasa.

46. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*O Allâh* (ﷻ) *na Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan*, *at Nagpasimula ng paglikha nang walang pinaggayahan! Ang Ganap na Nakaaalam ng mga lihim at mga lantad! Ikaw ang maghuhukom sa pagitan ng Iyong mga alipin sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa kanilang hindi pinagkasunduan hinggil sa Iyo*, *at sa Iyong Kadakilaan*, *Kaharian*, *at ang paniniwala sa Iyo at sa Iyong Sugo*, *gabayan Mo ako tungo sa Katotohanan na hindi nila pinagkasunduan bilang Iyong kagustuhan*, *dahil sa Ikaw sa katotohanan ang naggagabay sa sinuman na Iyong nais tungo sa Matuwid na Landas.*"

Ito ay kabilang sa mga panalangin ng Propeta at ito ay ipatuturo sa mga alipin ng Allâh (ﷻ) kung paano magsumamo sa Allâh (ﷻ) at manalangin sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang mga magagandang Pangalan at Kataas-taasan na mga Katangian.

47. Kung sakaling magkakaroon ang mga hindi naniniwala sa Allâh ng kayamanan na kasingdami ng nilalaman ng mundo, at kahit na ito ay dagdagan pa rin ng ganitong kasingdami, at gagastahin nila sa Araw ng Muling pagkabuhay upang tubusin nila ang kanilang mga sarili mula sa kaparusahan, at kung sakaling mayroon man sila ng ganito at ipantubos nila ito ay hindi ito tatanggapin sa kanila, na kung kaya, walang anumang makapagtutubos sa kanila na anumang bagay mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ), at lalantad sa kanila sa Araw na yaon ang kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang kaparusahan na hindi nila inaasahan sa daigdig na ito ay mangyayari sa kanila.



48. At lumantad sa kanila na mga walang pananampalataya sa Araw ng Paghahatol ang kabayaran sa kasamaan na kanilang ginawa; dahil itinangi nila sa Allâh (ﷻ) ang hindi karapat-dapat na para sa Kanya at nakagawa sila ng mga kasalanan sa kanilang buhay, at napalibutan na sila ng matinding parusa sa lahat ng dako; bilang kaparusahan sa kanila sa kanilang kinagawian na panlalait sa babala ng parusa na ibinababala sa kanila ng Sugo at ito ay hindi nila pinapansin.

49. At kapag dumating sa tao ang kahirapan at kagipitan ay hihiling siya sa Amin na paginhawahin siya, at kapag inalis na Namin ang anuman na nangyari sa kanya at ipinagkaloob Namin sa kanya ang biyaya mula sa Amin ay babalik na naman siya sa pagtanggi sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang kagandahang-loob, at kanyang sasabihin: "*Katiyakan*, *ito ay nakamtan ko dahil sa kaalaman na nagmula sa Allâh* (ﷻ) *na ito ay karapat-dapat para sa akin*," gayong ito ay pagsubok ng Allâh (ﷻ) na sa pamamagitan nito ay sinusubukan ang Kanyang mga alipin upang palitawin kung sino ang tatanaw ng utang na loob o di-tatanaw ng utang na loob, subali't ang karamihan sa kanila dahil sa kanilang kamangmangan at maling pananaw at salita ay hindi nila ito batid; na kung kaya, itinuturing nila na ang ganitong pagsubok ay bilang kagandahang-loob.

50. Katiyakan, ang mga yaong nauna sa kanila na mga walang pananampalataya ay sinabi rin nila ang katulad nito, na kung kaya, walang nagawa ang anuman na kanilang nakamtan na mga kayamanan at mga anak upang ilayo sa kanila ang parusa na dumating sa kanila.

51. Na kung kaya, naganap sa kanila na mga nagsasabi ng ganito na mga naunang mga tao ang parusa sa mga kasamaan na kanilang ginawa, samakatuwid, minadali sa kanila ang kapahamakan at pagpapahiya rito sa daigdig, at ang mga yaong inapi nila ang kanilang mga sarili mula sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), sa pamamagitan ng pagtanggi at nagsabi ng mga ganitong kataga (salita) ay walang pag-

aalinlangang magaganap sa kanila ang kaparusahan sa kanilang mga masasamang nagawa na katulad ng mga nangyari sa mga nauna sa kanila, at kailanman ay hindi sila makaliligtas sa Allâh (ﷻ) at hindi nila Siya mauunahan.

52. O di kaya, hindi ba nila alam na katiyakang ang kabuhayan na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa tao ay hindi nangangahulugan na ang tao na ito ay mabuti, dahil walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay napakalalim at napakalawak ng Kanyang karunungan na niluluwagan Niya sa kabuhayan ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang alipin, mabuti man ito o masama, at ginigipit (o hinihigpitan) Niya ang sinuman na Kanyang nais mula sa kanila? Katiyakan sa pagpapaluwag ng Allâh (ﷻ) at Kanyang pagpapahigpit sa pagkakaloob ng kabuhayan ay malilinaw na mga palatandaan sa mga tao na naniniwala sa kautusan ng Allâh (ﷻ) at kanilang sinusunod.

53. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa Aking mga aliping nasa kasamaan at nagmalabis sa pang-aapi sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsagawa ng anumang ipinag-uutos ng kanilang mga sarili na kasalanan: "*Huwag kayong mawalan ng pag-asa sa Awa ng Allâh* (ﷻ); *dahil kahit sa rami ng inyong kasalanan*, *katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay pinatatawad Niya ang lahat ng kasalanan ng sinumang nagsisisi at umiwas sa kasalanan kahit anuman ito. Katotohanan*, *Siya ay* '***Al-Ghafour***' *– ang Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng mga nagsipagsisi mula sa Kanyang mga alipin*, *na* '***Ar-Raheem***' *– ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila*."

54. "*At magbalik-loob kayo sa Allâh* (ﷻ) *na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *O kayong mga tao*, *sa pamamagitan ng pagsunod at pagsisisi*, *at magpakumbaba kayo sa Kanya bago dumating sa inyo ang Kanyang kaparusahan*, *at pagkatapos ay wala nang makatutulong sa inyo bukod sa Allâh* (ﷻ)."

55. At sundin ninyo ang pinakamabuting ipinahayag sa inyo mula sa inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na ito ay ang Dakilang Qur'ân, at ang lahat ng nakapaloob dito ay mabuti, na kung kaya, sumunod kayo sa lahat ng Kanyang mga ipinag-uutos at umiwas sa lahat ng Kanyang mga ipinagbabawal bago dumating sa inyo ang kaparusahan nang biglaan samantalang ito ay hindi ninyo namamalayan.

56. At sumunod kayo sa Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at magbalik-loob sa Kanya upang walang panghinayangan ang bawa't isa na sasabihin: "*Kahabag-habag sa akin*, *sa aking pagsayang sa aking buhay sa daigdig upang gawin ang ipinag-utos ng Allâh*, *at sa aking pagkukulang sa pagsunod sa Kanya at sa Kanyang karapatan*, *dahil ako ay kabilang sa mga nangungutya sa ipinag-utos ng Allâh* (ﷻ) *noong ako ay nasa daigdig*, *at sa Kanyang Aklat*, *sa Kanyang Sugo at sa mga naniwala sa Kanya*."



57. O di kaya ay sasabihin niya: "*Kung ginabayan lamang ako ng Allâh tungo sa Kanyang* '*Deen*' *ay naging kabilang ako sa mga matatakutin na umiwas sa pagsagawa ng pagsamba ng iba at mga kasalanan*."

58. O di kaya ay sasabihin niya kapag nakita niya ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ) na nakapalibot sa kanya sa Araw ng Paghuhukom: "*Sana ay makabalik pa ako sa buhay sa daigdig*, *upang ako ay maging kabilang sa mga yaong naging mabuti sa pagsunod sa kanilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at pagsagawa sa anumang ipinag-utos ng mga Sugo*."

59. Tunay na hindi ang kanyang sinasabi ang katotohanan! Katiyakan, dumating sa iyo ang Aming mga malilinaw na palatandaan, subali't tinanggihan mo at nagmataas ka na di mo tinanggap at sinunod, na kung kaya, naging kabilang ka sa mga di-naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga Sugo.

60. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay, makikita nila na mga walang pananampalataya na mga nagturing ng mga katangian sa Allâh (ﷻ) na hindi angkop at hindi karapat-dapat sa Kanya, at itinangi nila sa Kanya ang katambal at pagkakaroon ng anak bilang pagsisinungaling, na ang kanilang mga mukha ay maiitim. Di ba Impiyernong-Apoy ang patutunguhan at titirhan ng sinumang nagmataas sa Allâh (ﷻ) at tinanggihan ang Kanyang Kaisahan at pagsunod sa Kanya? Katotohanan nga!

61. At ililigtas ng Allâh (ﷻ) mula sa Impiyernong-Apoy at sa Kanyang parusa ang sinumang nagkaroon ng takot sa Kanya sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga ipinag-uutos at pag-iwas ng mga ipinagbabawal, at ito ang kanilang tagumpay at pagsasakatuparan ng kanilang minimithi, at ito ay ang kanilang pagkamit ng '*Al-Jannah*' (Hardin), at hindi sila makakanti ng parusa sa Impiyerno nang kahit na kaunti, at wala na silang dapat na ikalungkot sa anuman na hindi nila nakamtan na kapakinabangan sa daigdig.

62. Ang Allâh (ﷻ), Siya ang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng bagay, Tagapagmay-ari at Tagapangasiwa, at lahat ng bagay ay nasa ilalim ng Kanyang pangangasiwa at pangunguntrol, at lahat ng bagay ay Siya ang Tagapangalaga.

63. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang mga susi ng imbakan sa mga kalangitan at kalupaan, pinagkakalooban Niya mula rito ang Kanyang nilikha sa anuman na Kanyang nais. At ang mga yaong hindi naniniwala sa Kanyang mga talata ng Dakilang Qur'ân at sa anuman na nilalaman nito na mga malilinaw na mga palatandaan, sila ang mga talunan dito sa daigdig dahil sa kanilang pagbalewala sa paniniwala at ang kanilang pananatilihan sa Kabilang-Buhay ay Impiyernong-Apoy.

64. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan: "*Inuutusan ba ninyo ako na sumamba ng iba bukod sa Allâh*, *O kayo na mga mangmang at walang kaalaman hinggil sa Allâh* (ﷻ), *at kailanman ay hindi makabubuti ang pagsamba sa iba bukod sa Kanya?*"

65. At katiyakan, ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), at sa mga Sugo na nauna sa iyo: "*Kung ikaw ay sasamba ng iba o magtatambal sa pagsamba sa Allâh ay mawawalan ng saysay ang iyong gawain at magiging kabilang ka sa mga mapapahamak at mga talunan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay*; *dahil hindi tinatanggap ang anumang mabuting gawa kapag may kasamang pagtatambal o pagsamba ng iba*."

66. Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan! Sa halip ang iyong sambahin ay ang Allâh (ﷻ), O Muhammad (ﷺ), na taos-puso ang iyong pagsamba sa Kanya, na Bukod-Tangi at walang katambal, at maging kabilang ka sa mga tumatanaw ng utang na loob sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga biyaya.

67. At hindi dinakila ng mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – ang Allâh (ﷻ) ng tunay na karapat-dapat na pagdakila para sa Kanya; dahil sumamba sila ng iba bukod sa Kanya na walang anumang naidudulot na kapakinabangan at di man lamang makasasanhi ng kapinsalaan, at ipinantay nila ang nilikha na walang kakayahan sa Dakilang Tagapaglikha, na kabilang sa Kanyang Dakilang kakayahan ay ang buong kalupaan sa Kabilang-Buhay ay nasa ilalim lamang ng pagtatangan ng Kanyang Kamay, at ang mga kalangitan ay ititiklop (o irorolyo) sa Kanyang Kanang Kamay, Luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Siya ay Dakila, na malayo sa anumang sinasambang iba ng mga sumasamba ng iba bukod sa Kanya.

Dito sa talatang ito ang katibayan hinggil sa pagtatangan ng Kamay, ang Kanang Kamay at pagtitiklop (pagrorolyo), na Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang lahat ayon sa Kanyang Kadakilaan, Kamaharlikaan, na hindi maaaring itanong ang pagiging 'paano' (o '*kayfiyyah*') nito (sapagka't ito nga ay ayon sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan) at walang paghahambing.



68. At hihipan ang Trumpeta, na sa pamamagitan nito ay mamamatay ang lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan, maliban sa sinumang naisin ng Allâh (ﷻ) na hindi mamatay, pagkatapos ay hihipan ng anghel sa ikalawang pag-ihip bilang pag-umpisa ng Pagbubuhay na Mag-uli sa lahat ng nilikha para sa Paghuhukom sa harapan ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at doon sila ay nakatayo lahat na buhay mula sa kanilang libingan na nakamasid lamang at naghihintay sa anumang gagawin sa kanila.

69. At magniningning ang kalupaan sa Araw ng Muling Pagkabuhay dahil sa lalantad ang Allâh (ﷻ) na katotohanan sa Kanyang mga nilikha upang pagpasiyahan ang hatol, at ikakalat ng mga anghel ang mga talaan ng bawa't isa, at ihaharap ang mga Propeta at mga testigo laban sa kanilang mga sambayanan; upang tanungin ng Allâh (ﷻ) ang mga Propeta hinggil sa kanilang pagpaparating ng mensahe at kung paano sila tinugunan ng kanilang sambayanan, at darating din ang sambayanan ni Muhammad; upang titestigo sa pagpaparating ng mensahe ng mga Sugo na nauna kaysa sa kanilang sambayanan, kapag hindi umamin ang mga sambayanan na ito sa pagpaparating ng mensahe ay doon maitatatag ang katibayan laban sa kanila, at pagpapasiyahan ng Allâh (ﷻ) na '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang ang pagitan ng Kanyang mga alipin nang ganap na makatarungan, at kailanman sila ay hindi dadayain nang kahit na katiting na mababawasan ang kanilang gantimpala o madaragdagan ang kanilang kaparusahan.

70. At bawa't tao ay babayaran ng katumbas ng kanyang ginawa, masama man ito o mabuti, at Siya, ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Nakaaalam sa kanilang mga ginawa rito sa daigdig na pagsunod o di kaya ay paglabag.

71. At dadalhin sila na mga di-naniwala sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo tungo sa Impiyernong-Apoy na grupo-grupo, hanggang kapag sila ay dumating na roon ay

nabuksan na pala ng mga tagapamahala ng Impiyerno ang pitong pintuan nito, at sila ay sisisihin nila (na may kasamang galit at pangungutya) at kanilang sasabihin: "*Paano ninyo nilabag ang Allâh* (ﷻ) *at binalewala ang Kanyang pagiging Tagapaglikha at pagiging Tagapangasiwa? Hindi ba ipinadala sa inyo ang mga Sugo na mula sa inyo na binabasa nila sa inyo ang mga talata ng inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *at binabalaan kayo sa kagimbal-gimbal na mangyayari sa Araw na ito*?"

Sasabihin nila bilang pag-amin sa kanilang pagkakasala: "*Oo nga*, *tunay na dumating sa amin ang mga Sugo ng aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha nang makatotohanan*, *at binalaan kami sa pagdating ng Araw na ito*, *na kung kaya*, *naging makatwiran at karapat-dapat ang Salita ng Allâh* (ﷻ) *na ang Kanyang parusa ay para sa mga hindi naniwala sa Kanya.*"

72. At sasabihin sa mga tumanggi at walang pananampalataya bilang pagmamaliit at paghamak sa kanila: "*Pumasok na kayo sa mga pintuan ng Impiyernong-Apoy na mananatili kayo roon magpasawalang-hanggan*, *at napakasama ng patutunguhan ng mga nagmataas na hindi naniwala sa Allâh at hindi sumunod ng Kanyang batas*."

73. At aakayin ang mga yaong natakot sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na naniwala sa Kanyang Kaisahan at sumunod sa Kanya tungo sa '*Al-Jannah*' (Hardin) nang grupu-grupo, hanggang sa kapag dumating na sila roon ay matatagpuan nila ang mga pintuan nito na nakabukas na, at iistimahin sila ng mga anghel na pinagkatiwalaan doon, at babatiin sila ng maaliwalas at masasaya sila; dahil sa kanilang kalinisan mula sa mga kasalanan at sasabihin sa kanila: "*Salâmun `alaykum – kapayapaan ay sumainyo bilang kaligtasan sa lahat ng di kanais-nais*, *napakabuti ng inyong kalagayan*, *na kung kaya*, *pumasok na kayo sa* '*Al-Jannah*' *na rito ay mananatil kayo magpasawalang-hanggan*."

74. At sasabihin ng mga mananampalataya: "*Lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allâh* (ﷻ) *na tinupad Niya ang Kanyang pangako sa amin*, *na Kanyang ipinangako para sa amin na sinabi ng Kanyang mga Sugo at ipinagkaloob sa amin ang* '*Al-Jannah*' (*Hardin*) *na tutungo kami saan mang lugar doon na aming naisin*, *napakabuti ng gantimpala sa mga mababuti na nagsumikap sa pagsunod sa Allâh* (ﷻ) *na kanilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*."

75. At makikita mo ang mga anghel, O Muhammad (ﷺ), na nakapalibot sa ‘`*Arsh*’ ng Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin, dinarakila nila ang Allâh (ﷻ) na kanilang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha na ligtas at malayo sa anumang hindi karapat-dapat na para sa Kanya, at pagpapasiyahan ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang paghuhukom sa pagitan ng Kanyang mga nilikha nang makatotohanan at makatarungan, at pinatira sa ‘*Al-Jannah*’ (Hardin) ang mga naniwala sa Kanya at sa Impiyerno naman ang mga hindi naniwala sa Kanya. At sasabihin: “*Papuri sa Allâh* (ﷻ) *na* ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang sa anuman na Kanyang pinagpasiyahan sa pagitan ng mga taga-Hardin* (*Al-Jannah*) *at taga-Impiyerno*, *bilang papuri sa kagandahan at kabutihan*, *at papuri sa katarungan at karunungan.*”

سورة غـــافر 40

XL – Sûrat Ghâfir

[**Kabanata Ghâfir** – Ang Tagapagpatawad]

بسم الله الرحمن الرحيم [*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Hã-Mĩm*. Ang mga titik na ito ng ‘*Arabic*’ ay nauna nang naipaliwanag sa ‘*Sûratul Baqarah*.’

2. Ibinaba ang Kabanal-banalan na Qur’ân na ito kay Propeta Muhammad (ﷺ) mula sa Allâh (ﷻ) na ‘***Al-`Azeez***’ – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na nakukuntrol Niya sa pamamagitan ng Kanyang Kapangyarihan ang lahat ng Kanyang mga nilikha, na ‘***Al-`Aleem***’ – ang Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay.

3. Na Tagapagpatawad ng kasalanan ng mga nagkakasala, at Tagatanggap ng mga nagbabalik-loob at humihingi ng kapatawaran, Tagaparusa nang masidhi sa sinumang

nagmamataas o nagmamalaki sa pamamagitan ng pagsagawa ng kasalanan, at Siya ang Nagtatangan at Tagapagkaloob ng biyaya, pagmamagandang-loob sa Kanyang mga alipin na sumusunod, '***Lâ i-lâ-ha il-la Hu-wa***' – walang sinumang '*ilâh*' (diyos na sinasamba) o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin bukod sa Kanya, – na sa Kanya magbabalik ang lahat ng Kanyang nilikha sa Araw ng Pagbabayad at tutumbasan ang sinuman sa anuman na karapat-dapat na para sa kanya na kabayaran.

4. Walang nakikipagtalo hinggil sa mga talata ng Dakilang Qur'ân at mga katibayan nito sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), na tinatapatan nito ang kamalian maliban sa mga tumanggi na tinanggihan ang Kanyang Kaisahan, na kung kaya, huwag kang magpalinlang, O Muhammad (ﷺ), sa kanilang kagalingan sa paglalakbay na pagparoo't pagparito dahil sa pangangalakal, at sa sarap at kinang ng makamundong buhay na mayroon sila.

5. Tumanggi ang mga nauna sa kanila na walang pananampalataya, ang mga sambayanan ni Nûh at ang mga sumunod pa sa kanila na mga sambayanan na inilantad nila ang kanilang pakikipaglaban sa mga Sugo na katulad ng ginawa ng sambayanan ni `Âd at ni Thamoud, dahil sila ay nagpasiya na gumawa ng masama laban sa kanilang mga Sugo at nagsama-sama sila sa masamang balakin o di kaya ay sa pagpatay, at nagplano ang bawa't sambayanan sa mga nasyon na ito na walang pananampalataya na patayin ang bawa't Sugo na ipinadala sa kanila, at sila ay nakipagtalo ng kamalian upang imali nila sa pamamagitan ng pakikipagtalo ang katotohanan, na kung kaya, pinarusahan Ko sila, na kung paano naging aral at magsisilbing babala ang Aking pagpaparusa sa kanila sa sinumang darating pagkatapos nila!

6. At kung paano naging karapat-dapat ang parusa sa mga naunang sambayanan na tumanggi sa mga Sugo na ipinadala sa kanila ay gayundin sa mga yaong di-naniwala na magiging makatarungan din sa kanila ang kaparusahan, na sila ang mga maninirahan sa Impiyerno.

7. Ang mga yaong nagpapasan ng ''*Arsh*' (Trono) ng Allâh (ﷻ) na mga anghel at gayundin ang mga nakapalibot sa ''*Arsh*' na kabilang din sa kanila, ay niluluwalhati nila ang Allâh (ﷻ) na malayo sa anumang kakulangan, at pinupuri nila sa kaparaanan na karapat-dapat sa Kanya, at Siya ay pinaniniwalaan nila nang tunay at ganap na paniniwala, at humihingi sila sa Kanya ng kapatawaran para sa mga mananampalataya, na kanilang sinasabi: "*O Allâh* (ﷻ) *na amin*g '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Saklaw ng Iyong awa at kaalaman ang lahat ng bagay*, *na kung kaya*, *patawarin Mo ang mga yaong nagbalik-loob sa Iyo mula sa pagsamba ng iba at sa mga kasalanan*, *at sinunod nila ang Daan na ipinag-utos Mo sa kanila na kanilang tatahakin*, *na ito ay Islâm*, *at ilayo Mo sila mula sa kaparusahan sa Impiyerno at sa mga kalagim-lagim na mangyayari roon!*

8. "*O Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Papasukin Mo ang mga mananampalataya sa mga Hardin ng* '`*Aden*' *na kung saan ipinangako Mo sa kanila*, *at gayundin ang mga naging matuwid sa paniniwala at nagsagawa ng kabutihan mula sa kanilang mga magulang*, *mga asawa at mga anak. Dahil Ikaw sa katotohanan ay* '***Al-`Azeez***' *– ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na kumukuntrol ng lahat ng bagay*, *na* '***Al-Hakeem***' *– ang Ganap na Maalam sa Kanyang Pangangasiwa at Paglikha*.

9. "*At iligtas Mo sila sa masamang kaparusahan sa kanilang mga kasalanan at huwag Mo silang parusahan*, *at ang sinuman ang Iyong ililigtas sa mga parusa ng kasamaan sa Araw ng Paghuhukom ay katiyakang siya ang Iyong kinaawaan at biniyayaan ng kaligtasan mula sa Iyong parusa*." At ito ang dakilang tagumpay na walang kahalintulad.

10. Katiyakan, ang mga hindi naniwala sa Allâh, kapag sila ay nandoroon na sa kagimbal-gimbal na parusa sa Impiyerno, ay kamumuhian nila mismo ang kanilang mga sarili nang matinding pagkamuhi, at doon ay tatawagin sila ng mga tagapamahala sa Impiyerno: "*Ang pagkamuhi ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo sa daigdig noong ipinag-utos sa inyo na maniwala sa Kanya at sumunod sa Kanyang Sugo na tinanggihan ninyo ay mas matindi kaysa sa galit ninyo ngayon sa inyong mga sarili pagkatapos ninyong mapatunayan na kayo ay karapat-dapat sa galit at parusa ng Allâh*."

11. Sasabihin ng mga walang pananampalataya: "*O Allâh na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Pinatay Mo kami nang dalawang beses*: *noong kami ay nasa sinapupunan pa ng aming mga ina na mga semilya bago ihinga sa amin ang aming espiritu at noong nagtapos ang aming buhay sa daigdig. At binuhay Mo kami nang dalawang beses*: *sa buhay sa daigdig sa araw na kami ay ipinanganak at noong binuhay Mo kami mula sa aming mga libingan! Ngayon ay inaamin na namin ang*

aming mga pagkakamali, *kung gayon*, *mayroon pa ba kaming pag-asa para makalabas mula sa Impiyerno at ibabalik Mo kami sa daigdig*; *upang sundin Ka namin?*" Subali't paano pa ba magiging kapaki-pakinabang sa kanila ang pag-amin na ito?

12. Itong parusa ay para sa inyo, O kayong mga walang pananampalataya dahil sa noong kayo ay inaanyayahan tungo sa paniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at taos-pusong pagsunod sa Kanya ay tumanggi kayo, subali't kapag tinambalan ang Allâh (ﷻ) ay pinaniniwalaan ninyo at sinusunod ninyo. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), Siya ang Hukom na makatarungang maghuhukom sa Kanyang nilikha at hindi nang-aapi ni nandaraya man, ginagabayan Niya ang sinuman na Kanyang nais at inililigaw Niya ang sinuman na Kanyang nais, at kinaaawaan Niya ang sinuman na Kanyang nais at pinaparusahan Niya ang sinuman na Kanyang nais, na walang sinuman ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa Kanya, na Siya ay '***Al-`Alee***' – ang Kataas-Taasan na nasa Kanya ang tunay at ganap na Kataas-Taasan, na '***Al-Kabeer***' – ang Ganap na Dakila na Siya lamang ang may karapatan ng pagmamataas at pagdadakila.

13. Siya ang nagpamalas sa inyo, O kayong mga tao, ng Kanyang kapangyarihan sa inyong mga nakikita na mga dakilang palatandaan na nagpapatunay sa kaganapan ng Tagapaglikha nito at Nagpanimula nito na walang pinaggayahan, at ibinababa Niya para sa inyo mula sa kalangitan ang ulan at binubuhay kayo sa pamamagitan nito, at walang sinuman ang nakaalaala ng mga palatandaang ito maliban sa sinumang nanumbalik tungo sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at taos-puso na dalisay sa pagsamba lamang sa Kanya.

14. Na kung kaya, maging taos-puso kayo sa inyong pagsamba na bukod-tangi lamang na para sa Kanya at gayundin sa panalangin, O kayong mga mananampalataya, at salungatin ninyo ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, sa kanilang pamamaraan, kahit pa ito ay ikagagalit nila ay pabayaan ninyo sila.

15. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Kataas-Taasan na Nagmamay-ari ng mga matataas na antas, na itinaas Niya ang Kanyang antas ng pagtataas na malayo sa Kanyang nilikha at itinaas Niya ang Kanyang karangalan, na Siya ang Nagmamay-ari ng Dakilang '`*Arsh*' (Trono), at kabilang sa Kanyang awa sa Kanyang mga alipin ay ang pagpapadala Niya ng mga Sugo sa kanila, na ipinagkakaloob Niya sa kanila ang Kanyang Rebelasyon, na ito ang ikinabubuhay nila, dahil sila ay nagiging tiyak sa kanilang kalagayan; upang takutin at balaan ng mga Sugo ng Allâh ang mga alipin ng Allâh hinggil sa pagdating ng Araw ng Muling Pagkabuhay, na kung saan, magkakatagpu-tagpo ang kauna-unahan at kahuli-hulihang mga nilikha ng Allâh.

16. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay haharap ang mga nilikha sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at walang sinuman ang makapagtatago mula sa Kanya at walang mailililihim ang sinuman hinggil sa kanilang ginawa sa daigdig, at sasabihin ng Allâh (ﷻ): "*Kanino ang kaharian at pangangasiwa ngayon?*" Tutugunan Niya mismo sa Kanyang Sarili na Kanyang sasabihin: "*Pagmamay-ari lamang ng Allâh* (ﷻ) *na* '***Al-Wâhid***' *– ang Nag-iisa at Bukod-Tangi sa Kanyang mga Pangalan*, *mga Katangian at mga Gawain*, *na* '***Al-Qahhâr***' *– ang Tagapagpuwersa na kinukuntrol Niya ang lahat ng Kanyang mga nilikha sa Kanyang kakayahan at kapangyarihan*."



17. Sa Araw na ito ay gagantimpalaan ang bawa't isa sa anuman na kanyang nagawa sa daigdig, mabuti man o masama, at walang sinuman ang dadayain sa Araw na ito na madaragdagan ang kanyang kasalanan o mababawasan ang kanyang kabutihan. Katotohanan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Saree`ul Hisâb***' – Mabilis sa Kanyang Pagkalkula, na kung kaya, huwag ninyong isipin na matagal pa ang pagdating ng Araw na yaon dahil sa katotohanan ay napakalapit na.

18. Balaan mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga tao hinggil sa Araw ng Muling Pagkabuhay na malapit nang dumating, kahit ito ay iniisip nila na matagal pa, sa panahon na kapag ang mga puso ng mga alipin dahil sa kanilang pagkatakot sa parusa ng Allâh (ﷻ) ay aangat mula sa kanilang mga dibdib at babara sa kanilang mga lalamunan, at sila ay punung-puno ng pagdadalamhati at pagkalungkot. Wala nang kama-kamag-anak ni kaibigan ang para sa mga masasama, at wala silang tagapagtanggol na mamamagitan sa kanila sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha upang sila ay diringgin at uunawain.

19. Batid ng Allâh (ﷻ) ang anumang ninanakaw ng paningin at anumang kinikimkim ng tao sa kanyang sarili, mabuti man o masama.

20. At ang Allâh (ﷻ) ay naghahatol nang makatarungan sa pagitan ng mga tao sa anumang karapat-dapat na para sa kanila, samantalang ang mga yaong sinasamba nila bukod sa Allâh na mga diyus-diyusan ay hindi man lamang makapagpapasiya ng anuman sa kanila; dahil sa kanilang kawalan ng kakayahan. Walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay '***As-Samee`***' – ang Ganap na Nakakarinig sa anumang binibigkas ng inyong mga dila, na '***Al-Baseer***' – ang Ganap na Tagapagmasid at Ganap na Nakakakita sa inyong mga gawain at mga kilos.

21. Hindi ba naglakbay sa kalupaan ang mga di-naniniwala sa iyong mensahe, O Muhammad (ﷺ), upang makita nila kung ano ang kinahinatnan ng mga nauna kaysa sa kanila na mga sambayanan? Sila ay higit na nangingibabaw kaysa sa kanila sa lakas at sa mga naiwan na kanilang mga bakas sa kalupaan, subali't kailanman ay hindi nila napakinabangan ang kanilang kalakasan at ang mga matitipuno nilang mga pangangatawan, at pinuksa sila ng Allâh (ﷻ) bilang kaparusahan sa kanila; dahil sa kanilang di-paniniwala at pagsagawa ng mga kasalanan, at wala silang naging tagapangalaga mula sa parusa ng Allâh (ﷻ) upang mailigtas sila mula rito.

22. Itong parusa na nangyari sa mga naunang walang pananampalataya, ay dahil sa kanilang ginawa sa mga Sugo ng Allâh na dumating sa kanila na dala-dala nito ang mga matitibay na katibayan na nagpapatunay sa kanilang paanyaya, subali't sila ay tinanggihan nila, at di nila sila pinaniwalaan. Na kung kaya, pinuksa sila ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Kanyang parusa dahil Siya ang '***Qawee***' – Ganap na Malakas at Pinakamakapangyarihan na hindi nagagapi ng sinuman, na '***Shadeedul `Iqâb***' – Matindi ang Kanyang parusa sa sinumang hindi naniwala at lumabag sa Kanya.

23. At katiyakan, ipinadala Namin si Mousã (عليه السلام) na may kasamang dakilang palatandaan na nagpapatunay sa kanyang mensaheng dala-dala sa kanila, at malinaw na mga katibayan na nagpapatunay sa kanyang paanyaya, at kamalian sa gawain ng mga tao na kung saan sa kanila siya ay ipinadala.

24. Tungo kay Fir`âwn na hari ng Ehipto, at si Hâmân na kanyang kanang kamay, at si Qârûn na nagmamay-ari ng mga kayamanan, subali't tinanggihan nila ang mensaheng ito at nagmataas sila, at kanilang sinabi hinggil sa kanya: "*Katiyakan*, *siya ay isang salamangkero na sinungaling*, *dahil paano niya aangkinin na siya ay ipinadala bilang Sugo sa mga tao?*"

25. Nang dumating si Mousã (عليه السلام) kina Fir`âwn, Hâmân at Qârûn, na dala-dala niya ang mga malilinaw na mga himala mula sa Amin (Allâh ﷻ), ay hindi lamang nila tinanggihan at tinalikuran, bagkus ay kanila pang sinabi: "*Patayin ninyo ang mga anak na kalalakihan ng mga naniwala sa kanya at panatilihin ninyo ang mga kababaihan upang sila ay alipinin*," subali't ang anumang pakana ng mga walang pananampalataya ay maglalaho at mawawalan ng saysay.



26. At sinabi ni Fir`âwn sa mga matataas mula sa kanyang sambayanan: "*Ipaubaya ninyo sa akin ang lahat at ako mismo ang papatay kay Mousã, at hayaan ninyong manalangin siya sa kanyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na inaangkin niya na Siya ang nagpadala sa kanya para sa atin, upang pangalagaan siya mula sa atin, dahil sa katunayan, ako ay natatakot na babaguhin niya ang inyong* '*deen*' (*o relihiyon*) *na inyong kinabibilangan sa ngayon, o di kaya ay sasanhiin niya na lumitaw ang kasamaan sa kalupaan ng Ehipto.*"

27. At sinabi ni Mousã (عليه السلام) kay Fir`âwn at sa kanyang mga tauhan: "*Katiyakan, ako ay humihingi ng kalinga sa Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at inyo ring* '*Rabb*' *na Tagapaglikha, sa bawa't nagmamataas sa inyo na di-naniniwala sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *at sa pagsunod sa Kanya, at hindi naniniwala sa Araw ng Paghuhukom ng Allâh* (ﷻ) *sa Kanyang mga nilikha.*"

28. At sinabi ng isang lalaki na naniniwala sa Allâh (ﷻ) mula sa pamilya ni Fir`âwn na inililihim niya ang kanyang paniniwala bilang di-pagsang-ayon sa kanyang sambayanan: "*Paano ninyo ipinahihintulot ang pagpatay ng isang tao na walang kasalanan sa inyo, dahil lamang sa sinasabi niya na ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay ang Allâh* (ﷻ), *at katiyakang dala-dala niya sa inyo ang mga matitibay na katibayan mula sa Allâh* (ﷻ) *na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na nagpapatunay sa kanyang mga sinasabi? At kung si Mousã ay nagsisinungaling ay sa kanya rin lamang babalik ang parusa ng kanyang ginawang kasinungalingan; subali't kung siya ay nagsasabi ng katotohanan, samakatuwid ay mangyayari ang ilan sa kanyang ibinabala sa inyo.*" Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya ginagabayan sa katotohanan ang sinumang lumalampas sa hangganan sa pamamagitan ng pag-iwas sa tama at pagsagawa ng kamalian, na higit na sinungaling na idinadahilan niya ang Allâh (ﷻ) sa kanyang ginagawang pagmamalabis.

29. "*O aking sambayanan! Nasa inyo ngayon ang kapangyarihan na kayo ang nangingibabaw dito sa kalupaan laban sa mga angkan ni Isrâ`il*, *subali't sino ang magliligtas sa inyo mula sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ) *kapag ito ay nangyari sa inyo?*" Sinabi ni Fir`âwn sa kanyang sambayanan bilang pagtutugon at pagtatakip sa katotohanan: "*Wala akong nakikita sa inyo*, *O kayong mga tao*, *na pananaw at pagpapayo*, *maliban sa kung ano ang nakikita ko na makabubuti sa akin at sa inyo na tama*, *at hindi ko kayo hinihikayat kundi sa daan lamang ng katotohanan*."

30. At sinabi ng lalaki na naniwala mula sa pamilya ni Fir`âwn kina Fir`âwn at sa kanyang sambayanan bilang pagpapayo at pagbabahala: "*Katiyakan*, *ako ay natatakot na mangyari sa inyo kapag pinatay ninyo si Mousã*, *ang katulad ng nangyari sa mga grupo ng mga tao na nagsama-sama laban sa kanilang mga Propeta*.

31. "*Na katulad ng kinaugalian ng sambayanan ni Nûh*, *ni `Âd at ni Thamoud at ang mga dumating pa pagkatapos nila na di-naniwala at tumanggi*, *pinuksa sila ng Allâh* (ﷻ) *dahil doon*. *At ang Allâh* (ﷻ) *ay hindi Niya nais na apihin ang mga alipin*, *na sila ay paparusahan Niya na wala silang nagawang kasalanan*. *Kataas-taasan ang Allâh* (ﷻ), *na Siya ay malayo sa pang-aapi at malayung-malayo sa anumang kakulangan*.

32. "*At*, *O aking sambayanan! Katiyakan*, *ako ay natatakot na mangyari sa inyo ang parusa sa Araw na ang mga tao ay magtatawagan sa isa't isa*; *dahil sa kagimbal-gimbal na mangyayari sa Araw ng Muling Pagkabuhay*."

33. Sa Araw na kapag kayo ay tatalikod at tatakas, na wala nang magliligtas pa sa inyo at tutulong mula sa parusa ng Allâh (ﷻ). At sinuman ang binigo ng Allâh (ﷻ) at hindi Niya ginabayan tungo sa patnubay ay walang sinuman ang makagagabay sa kanya tungo sa katotohanan.

34. Katiyakan, ipinadala ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang kagalang-galang na Propeta na si Yûsuf (عليه السلام) na anak ni Ya`qûb (عليه السلام) bago pa si Mousã (عليه السلام), na dala-dala niya ang mga malilinaw na katibayan na nagpapatunay sa kanya, at inutusan kayo na sambahin ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi na walang katambal, at patuloy pa rin kayo na nagdududa sa anuman na dala-dala niya sa inyo noong siya ay buhay pa, hanggang sa siya ay namatay at mas lalong naragdagan ang inyong pagdududa at pagsamba ng iba bukod sa Allâh at inyong sinabi: "*Katiyakan*, *ang Allâh ay hindi na magpapadala ng Sugo pagkatapos niya*, *at sa ganoong pagkaligaw ay inililigaw ng Allâh* (ﷻ) *ang sinumang nagmamalabis na lumalampas sa hangganan ng katotohanan*, *na nagdududa sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ), *na kung kaya*, *hindi Niya ginagabayan tungo sa patnubay*."



35. Ang mga yaong nagtatalu-talo hinggil sa mga talata ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang katibayan upang ito ay pawalan ng saysay, na walang dumating sa kanila na katanggap-tanggap na katibayan, ay napakalaking galit ng Allâh (ﷻ) sa mga ganoong pagtatalu-talo at gayundin ang galit ng mga mananampalataya, na kung paano isinasara ng Allâh (ﷻ) sa pagkaligaw at hinarangan sa patnubay ang mga puso nila na mga nagtatalu-talo ay isasara rin ng Allâh (ﷻ) ang puso ng lahat ng nagmamataas na di-naniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa pagsunod sa Kanya, na nagmamayabang sa pamamagitan ng dami ng kanyang kasalanan at pagmamalabis.

36-37. At sinabi ni Fir`âwn bilang pagpapasinungaling kay Mousã (عليه السلام) sa kanyang paanyaya tungo sa paniniwala sa '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilikha at pagsuko sa Kanya: "*O Hâmân! Ipagtayo mo ako ng dakilang tore*; *baka sakaling marating ko ang mga pinto ng kalangitan at anuman na magpaparating sa akin doon sa itaas*, *upang makita ko mismo ang* '*Ilâh*' *o Diyos na sinasamba ni Mousã*, *at katiyakan*, *sa aking palagay si Mousã ay nagsisinungaling sa kanyang pag-aangkin*

na mayroon tayong '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na Siya ay nasa ibabaw ng mga kalangitan*," sa ganoon pinaganda kay Fir`âwn ang kanyang masamang gawain na nakikita niya na ito ay mabuti, at hinarangan sa kanya ang daan ng katotohanan; dahil sa kamalian na pinaganda sa kanyang paningin, subali't ang anumang pakana ni Fir`âwn upang linlangin ang mga tao na siya ang nasa tama na si Mousã (عليه السلام) ay mali, ay walang patutunguhan kundi pagkatalo at pagkawasak, at wala siyang mapapala kundi kapighatian dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

38. At sinabi ng tao na naniwala bilang pag-uulit ng pagpapayo sa kanyang sambayanan: "*O aking sambayanan*, *sumunod kayo sa akin at ituturo ko sa inyo ang Daan ng Patnubay at Katotohanan*.

39. "*O aking sambayanan! Ang buhay dito sa daigdig na kung saan nasisiyahan ang mga tao ay napakabilis lamang*, *pagkatapos ay magtatapos at maglalaho*, *na kung kaya*, *huwag kayong mahumaling nang labis dito*, *dahil ang buhay sa Kabilang-Buhay na kung saan nandoroon ang patuloy na kaligayahan ay siyang inyong pananatilihan*, *na kung kaya*, *nararapat na ito ay unahin at gumawa kayo para rito ng mabuting gawa na ikaliligaya ninyo roon*.

40. "*Sinuman ang lalabag sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *sa kanyang buhay at tumaliwas sa Daan ng Patnubay*, *ay wala siyang matatamo sa Kabilang-Buhay kundi parusa na katumbas ng kanyang nagawang kasalanan*, *at sino naman ang sumunod sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *at gumawa ng mabuti at sumunod siya sa Kanyang mga ipinag-uutos at umiwas siya sa Kanyang mga ipinagbabawal*, *lalaki man o babae*, *na siya ay naniniwala sa Allâh* (سبحانه وتعالى) *sa Kanyang Kaisahan*, *sila ang papasok sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*), *at ipagkakaloob sa kanila roon ang kabuhayan mula sa mga bunga at kaligayahan na walang pagmamaliw*.



41. "*O aking sambayanan! Kung paano ang pag-anyaya ko sa inyo tungo sa paniniwala sa Allâh* (ﷻ) *at pagsunod sa Kanyang Sugo na si Mousã* (عليه السلام), *na siyang paanyaya na magdadala sa inyo sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*) *at maglalayo sa inyo sa kagimbal-gimbal na Impiyerno*, *ay kayo naman ay inaanyayahan ninyo ako tungo sa gawain na magdadala sa akin sa kaparusahan ng Allâh* (ﷻ) *at Kanyang pagpapahirap sa Impiyerno*.

42. "*Hinihikayat ninyo ako upang hindi maniwala sa Allâh* (ﷻ), *at sa pagsamba ng iba bukod sa Allâh na labag sa anumang kaalaman na mayroon ako na itong sinasamba ninyo ay karapat-dapat sambahin bukod sa Kanya – at ito ang pinakamalaking kasalanan at karumal-dumal – at ako ay hinihikayat ko kayo tungo sa Daan ng Allâh* (ﷻ) *na* '***Al-`Azeez***' *– ang Kataas-Taasan na Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang paghihiganti*, *na* '***Al-Ghafour***' *– ang Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagbabalik-loob sa pamamagitan ng pagsisisi pagkatapos niyang magkasala*.

43. "*Sa katunayan*, *tunay na ang anuman na inyong iniaanyaya sa akin na paniwalaan ay hindi karapat-dapat ipag-anyaya at hindi makatutugon sa anuman na aking kahilingan dito sa daigdig ni sa Kabilang-Buhay man dahil sa walang kakayahan*, *at dapat ninyong mabatid ang patutunguhan ng lahat ng nilikha ay sa Allâh* (ﷻ) *lamang*, *at tutumbasan Niya ang lahat ayon sa kanyang nagawa*, *at ang mga yaong nagmamalabis sa pagsagawa ng mga kasalanan sa pamamagitan ng pagpatay at di paniniwala ay sila ang mga tauhan ng Impiyerno.*"

44. At nang natapos na silang payuhan at hindi sila sumunod, kanyang sinabi sa kanila: "*Walang pag-aalinlangang maaalaala ninyo ako na ako ang nagpayo at nagpaalaala sa inyo*, *at walang pag-aalinlangang magsisisi kayo sa panahon na wala nang pakinabang ang pagsisisi*, *at ako ay magbabalik sa Allâh* (ﷻ) *at*

ipinagkakatiwala ko ang lahat ng mga bagay sa Allâh (ﷻ) *at ipinauubaya ko ang aking sarili sa Kanya. Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Baseer***' *– Ganap na Tagapagmasid sa mga kalagayan ng Kanyang alipin at ang anuman na karapat-dapat sa kanila na kabayaran*, *at walang anumang bagay ang naililihim sa Kanya*."

45. Na kung kaya, iniligtas ng Allâh (ﷻ) ang taong mananampalatayang ito mula sa kaparusahan na pakana ni Fir`âwn at ng kanyang pamilya, at nangyari sa kanila ang matinding parusa noong sila ay nilunod ng Allâh (ﷻ) hanggang sa kahuli-hulihan sa kanila.

46. Katiyakan, nangyari sa kanila ang pagkalunod bilang unang parusa, at sila ay namatay lahat, pagkatapos ay paparusahan sila sa kanilang mga libingan sa pamamagitan ng pagdarang sa kanila sa apoy sa umaga't hapon hanggang sa Araw ng Pagbabayad, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay papapasukin ang mga pamilya ni Fir`âwn sa Impiyerno; bilang kabayaran sa kanilang nagawang mga masasamang gawain. Itong talata ay nagpapatunay sa kaparusahan sa libingan.

47. Kapag nagtatalu-talo ang mga nasa Impiyernong-Apoy at sisisihin ng iba sa kanila ang iba, at mangangatwiran ang mga sumunod laban sa kanilang mga ninuno na mapagmataas na nagligaw sa kanila, at pinaganda sa kanila ang daan ng kapahamakan, na sasabihin nila sa kanila: "*Katotohanan na sinunod namin kayo*, *na kung kaya*, *maaari bang akuin ninyo ang ilang bahagi ng parusa sa amin sa Impiyerno?*"

48. Sasabihin ng mga namumuno na mga mapagmataas na patutunayan nila ang kanilang kawalang kakayahan: "*Hindi namin maaaring pasanin ang kahit na anumang parusa sa inyo sa Impiyernong-Apoy*, *dahil lahat tayo ay nasa Impiyerno at wala na tayong kaligtasan mula rito! Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay hinati-hati Niya ang parusa sa atin ayon sa kung ano ang karapat-dapat na bahagi ng bawa't isa sa atin ng makatarungang pagpapasiya.*"

49. At sasabihin ng mga nasa Impiyerno na mga mapagmataas at mga mahihina sa mga tagapangasiwa sa Impiyerno: "*Idalangin ninyo sa Allâh* (ﷻ) *na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na pagaanin sa amin ang parusa kahit na isang araw man lamang*; *upang magkaroon kami ng kaginhawahan*."



50. Sasabihin ng mga tagapangasiwa ng Impiyernong-Apoy bilang pag-aalipusta: "*Ang ganitong panalangin ay walang anumang magagawa sa inyo*, *at hindi ba dumating sa inyo ang mga Sugo na dala-dala nila ang mga malilinaw na katibayan mula sa Allâh* (ﷻ) *at di ninyo pinaniwalaan?*" At doon aaminin ng mga walang pananampalataya at kanilang sasabihin: "*Oo nga!*" Na kung kaya, itatanggi sila ng mga tagapangasiwa ng Impiyerno at kanilang sasabihin: "*Hindi kami mananalangin para sa inyo at hindi kami mamamagitan para sa inyo*, *na kung kaya*, *kayo na lamang ang manalangin*, *subali't ang ganitong panalangin ay walang magagawa sa inyo*; *dahil kayo ay mga walang pananampalataya*, *at ang panalangin ng mga walang pananampalataya ay walang patutunguhan*, *ito ay maglalaho*, *walang saysay at hindi diringgin.*"

51. Katiyakan, papananalunin Namin ang Aming mga Sugo at ang sinumang sumunod sa kanila na mga mananampalataya, at patitibayin Namin sila laban sa sinumang gagawa sa kanila ng di-kanais-nais dito sa buhay sa daigdig, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay na Araw na kung saan titestigo ang mga anghel, ang mga propeta, at ang mga mananampalataya laban sa mga sambayanan na hindi naniwala sa kanilang mga Sugo, sila ay titestigo na katiyakang naiparating ng mga Sugo ang kanilang mga mensahe mula sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at katotohanang hindi sila pinaniwalaan ng mga tao.

52. Sa Araw ng Pagbabayad ay hindi mapakikinabangan ng mga tumanggi na lumampas sa hangganan na itinakda ng Allâh ang anuman na kanilang idadahilan na mga katwiran sa kanilang ginawang pagtanggi sa mga Sugo ng Allâh, at para sa kanila ay pagtataboy mula sa Awa ng Allâh (ﷻ), at ang para (pa rin) sa kanila ay masamang tirahan sa Kabilang-Buhay na ito ay Impiyernong-Apoy.

53-54. At katiyakan, ipinagkaloob Namin kay Mousã (عليه السلام) ang gabay tungo sa katotohanan na ito ay '*Tawrah*' at ang mga himala, at ginawa Namin ang mga angkan ni Isra`il na tagapagmana ng '*Tawrah*,' na gabay tungo sa Daan ng Patnubay, at pagpapayo para sa mga nagtatangan ng matutuwid na kaisipan.

55. Na kung kaya, pagtiisan mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga pagpapahirap na ginagawa sa iyo ng mga di-naniniwala sa Allâh, dahil katiyakang ipinangako Namin sa iyo, na mangingibabaw ang iyong batas at ang Aming pangako ay katotohanang hindi mababali, at humingi ka ng kapatawaran sa iyong pagkakamali, at manatili ka sa iyong pagdakila at pagpuri sa Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, sa dulo ng umaga at sa umpisa nito.

56. Katiyakan, ang yaong nagtatalo sa mga talata ng Allâh at sa mga katibayan ng Kanyang kapangyarihan at inihalo nila ang mga malinaw na katibayan sa kamalian na wala silang anumang malinaw na katibayan na dumating mula sa Allâh (ﷻ), at sa kanilang mga puso ay walang iba kundi pagmamataas na nagdudulot sa kanila ng pagsisinungaling laban sa iyo, at panibugho sa anumang kagandahang-loob na itinangi ng Allâh (ﷻ) sa iyo, na hindi nila narating, na kung kaya, ipaubaya mo ang iyong sarili sa Allâh (ﷻ), upang ilayo sa kanilang kasamaan; katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay '***As-Samee***`' – ang Ganap na Nakakarinig sa kanilang mga sinasabi, na '***Al-Baseer***' – ang Ganap na Nakakakita sa kanilang mga gawain.

57. Ang paglikha ng Allâh (ﷻ) sa mga kalangitan at kalupaan ay mas dakila kaysa sa paglikha sa tao at sa pag-ulit muli ng paglikha sa kanila pagkatapos ng kamatayan, subali't karamihan sa mga tao ay hindi nila batid na ang paglikha sa lahat ng ito ay napakadali lamang para sa Allâh (ﷻ).

58. At hindi magkaparehas ang bulag at ang nakakakita, at gayundin, hindi rin magkaparehas ang mga naniniwala at mananampalataya na sumusunod sa patnubay ng Allâh (ﷻ) at naniniwala sa Kanyang Kaisahan, at ang mga hindi naniniwala na ginagalit nila ang Allâh (ﷻ) at tinatanggihan nila ang mga malilinaw na katibayan mula sa Allâh (ﷻ). Kakaunti lamang sa inyo na mga tao ang nakaaalaala ng mga katibayan ng Allâh (ﷻ) upang ito ay makapagdulot ng aral at makapagbigay ng payo.

59. Katiyakan, ang Oras ng pagkagunaw ng daigdig ay darating at walang pag-aalinlangan ang hinggil dito, na kung kaya, tiyakin ninyo ang pagdating nito na tulad ng naibalita ng mga Sugo, subali't ang karamihan sa mga tao ay di-naniwala sa pagdating nito at hindi rin nila ito pinaghandaan.

60. At sinabi ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, "*O kayong mga alipin! Manalangin kayo sa Akin at Ako lamang ang inyong sambahin at tutugunin Ko kayo*, *katiyakan*, *ang mga yaong nagmamataas na di-naniniwala sa pagsamba lamang nang bukod-tangi sa Akin at sa Aking pagiging* '*Ilâh*' *o Diyos na sinasamba*, *walang pag-aalinlangan*, *makapapasok sila sa Impiyerno na mga hamak at kaaba-aba*."

61. Ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi na Siyang lumikha para sa inyo ng gabi; upang kayo ay makapamahinga at maisakatuparan ninyo ang tunay na pamamahinga, at ang araw na maliwanag, upang mapangasiwaan ninyo ang inyong pamumuhay. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang Nagtatangan ng dakilang kagandahang-loob sa mga tao, subali't ang karamihan sa kanila ay hindi tumatanaw ng utang na loob sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod at taos-pusong pagsamba lamang sa Kanya.

62. Siya na nagkaloob sa inyo ng ganitong biyaya ay Siya sa katotohanan lamang ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na naglikha ng lahat ng bagay, na walang sinuman ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin bukod sa Kanya, na kung kaya, paano ninyo tinatanggihan ang paniniwala sa Kanya at sinasamba ninyo ang iba na mga rebulto, pagkatapos naging malinaw sa inyo ang Kanyang mga palatandaan?

63. At kung paano kayo inilayo sa katotohanan pagkatapos mapatunayan ang katibayan sa inyo at tinanggihan ninyo, ay ganoon din ilalayo sa katotohanan at paniniwala sa Allâh (ﷻ) ang mga yaong tinanggihan ang Kanyang mga talata.

64. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha para sa inyo ng kalupaan; upang ito ay inyong panatilihan at maging tirahan at ginawa Niyang madali sa inyo ang pamumuhay dito, at ginawa Niya ang kalangitan bilang bubong ng kalupaan, at ikinalat Niya rito ang mga palatandaan na gagabay sa inyo, at hinubog Niya kayo sa pinakaganap na kaanyuan at pinakamabuting katayuan, at ipinagkaloob Niya sa inyo ang mga ipinahintulot na kabuhayan at mga masasarap na mga makakain at inumin, na itong natatamasa ninyong mga biyaya ay biyaya sa inyo ng inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na kung kaya, naging masagana ang Kanyang kabutihan, kagandahang-loob at biyaya sa inyo, at Siya ay luwalhati na malayo sa anumang hindi karapat-dapat na para sa Kanya, na Siya ang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang.

65. Ang Allâh (ﷻ), Siya ay '***Al-Hay***' – ang Walang-Hanggang Buhay, nasa sa Kanya ang ganap at buong kahulugan ng pagkabuhay na angkop na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan, na walang sinuman ang bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin bukod sa Kanya, na kung kaya, humiling kayo sa Kanya at ituon ninyo ang pagsamba sa Kanya na Bukod-Tangi at maging taos-puso sa inyo ang pagsunod sa Kanyang '*Deen*' at kautusan. At ang papuri ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) na ganap na para lamang sa Kanya na Siya ang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang.

66. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan: "*Katiyakan*, *ipinagbabawal sa akin na sambahin ang inyong dinadalanginan bukod sa Allâh*, *nang dumating sa akin ang mga malilinaw na mga palatandaan mula sa Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *at inutusan Niya ako na magpasailalim*, *sumunod nang ganap na pagsunod para lamang sa Kanya*, *luwalhati sa Kanya na Siyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng mga nilalang*."



67. Siya ang lumikha ng inyong ama na si Âdam (عليه السلام) mula sa alabok, pagkatapos ay nilikha kayo mula sa semilya sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, at pagkatapos nito kayo ay naging isang malapot na namuong dugo, pagkatapos ay nangyari sa inyo ang iba't ibang yugto sa sinapupunan, hanggang sa kayo ay ipapanganak na maliliit na sanggol, pagkatapos kayo ay magkakaroon ng lakas sa inyong pangangatawan hanggang kayo ay tatanda – bagama't mayroon sa inyo ang namamatay bago pa ito mangyari – at upang marating ninyo ang iba't ibang yugto na nakatakda sa inyo na naitala na katapusan ng inyong buhay, nang sa gayon ay mapag-isipan ninyo ang mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) sa inyo, at susuriin ang Kanyang mga talata, upang mabatid ninyo na katiyakang walang karapat-dapat na sambahin bukod sa Kanya, na ganito ang Kanyang gawain, at katiyakang walang sinuman ang nararapat na sambahin bukod sa Kanya.

68. Siya ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tanging Tagapagbigay ng buhay at Tagapagsanhi ng kamatayan, at kapag pinagpasiyahan Niya ang isang bagay sinasabi Niya lamang dito na '*Kun!*' – "***Mangyari***" at ito ay kaagad mangyayari, at walang sinuman ang makababawi ng Kanyang pinagpasiyahan.

69. Hindi ka ba namamangha, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na hindi naniniwala sa mga talata ng Allâh, na ito ay kanilang pinagtatalunan, gayong ito ay malinaw bilang katibayan sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Kakayahan, subali't paano nila ito tinatanggihan kahit ito ay tama? At saan ba sila patutungo pagkatapos ng ganap na paglilinaw na ito?

70-72. Sila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay tinanggihan nila ang Dakilang Qur'ân at ang naunang kasulatan na ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga Sugo upang gabayan ang mga tao, at walang pag-aalinlangang mababatid nila na

mga hindi naniwala ang bunga ng kanilang di-paniniwala kapag itinali na ang kulyar sa kanilang mga leeg at mga kadena sa kanilang mga paa na kung saan hihilahin sila ng mga anghel ng kaparusahan sa tubig na kumukulo na napakatindi ang init, pagkatapos ay sa Impiyernong-Apoy na sila ay sisilaban.

73-74. Pagkatapos ay sasabihin sa kanila bilang pag-aalipusta, habang sila ay nandoroon sa napakasama nilang kalagayan: "*Nasaan na ang inyong mga diyus-diyusan na inyong sinamba bukod sa Allâh? Maaari ba nila kayong matulungan ngayon? Tawagin ninyo sila*; *upang iligtas kayo mula sa parusang nangyayari sa inyo kung kaya nila*," na sasabihin ng mga walang pananampalataya: "*Nawala na sila sa aming mga paningin*, *na kung kaya*, *wala na kaming anumang pakinabang sa kanila*," at aaminin nila na sila ay nasa kamangmangan noon, at ang kanilang pagsamba sa mga diyus-diyusan na ito ay isang kamalian na walang anumang kahalagahan, na kung paano sila iniligaw ng Allâh (ﷻ) dahil sa pagligaw sa kanila ng kanilang mga sinamba bukod sa Allâh sa daigdig, na kung kaya, napunta sila sa Impiyerno ay ganoon din ililigaw ng Allâh (ﷻ) ang mga hindi naniniwala sa Kanya.

75. Ang parusa na kung saan nangyari sa inyo ay dahil sa inyong kapabayaan noong kayo ay nabubuhay pa sa daigdig, dahil kayo ay nasisiyahan sa inyong mga ginagawang paglabag at mga kasalanan, at dahil sa inyong pagmamataas at pagmamalabis laban sa mga alipin ng Allâh na mga mananampalataya na wala naman kayong karapatan.

76. Pumasok kayo sa iba't ibang pintuan ng Impiyerno bilang kaparusahan sa inyo sa inyong di-paniniwala sa Allâh at paglabag ninyo sa Kanya at manatili kayo roon magpasawalang-hanggan, napakasama ng Impiyerno bilang tuluyan ng mga nagmataas sa daigdig laban sa Allâh.

77. Magtiis ka, O Muhammad (ﷺ), at magpatuloy ka sa Daan ng Pag-aanyaya, katiyakang ang pangako ng Allâh (ﷻ) ay katotohanan at tutuparin ng Allâh (ﷻ) sa iyo ang Kanyang pangako, at maaari na ipakita Namin sa iyo habang ikaw ay nabubuhay ang ilan sa ipinangako Namin na kaparusahan sa mga sumamba ng iba bukod sa Allâh, o di kaya ay sasanhiin Namin na ikaw ay mamatay bago ito mangyari sa kanila, at pagkatapos ay sa Amin pa rin naman sila patutungo sa Araw ng Muling Pagkabuhay at ipalalasap Namin sa kanila ang masidhing kaparusahan dahil sa kanilang pagtanggi at hindi paniniwala.



78. At katiyakang ipinadala Namin bago ang pagkakapadala sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang maraming mga Sugo tungo sa kanilang sambayanan na inaanyayahan sila, at tinitiis nila ang mga pahirap: mayroon sa kanila na naikuwento Namin sa iyo ang hinggil sa kanila, at mayroong hindi na Namin ikinuwento sa iyo, at lahat sila ay inutusan na iparating ang kapahayagan ng Allâh (ﷻ) sa kanila. At walang sinuman sa kanila ang nagpapakita ng palatandaan o mga talata ng Allâh (ﷻ) maliban sa anumang ipinahintulot lamang ng Allâh (ﷻ) at Kanyang kagustuhan, at kapag dumating ang kautusan ng Allâh (ﷻ) na parusahan ang mga hindi naniwala ay pinagpasiyahan ito nang makatarungan sa pagitan ng mga Sugo at mga hindi naniwala sa kanila, at ang mga tagasunod at gumagawa ng kamalian samakatuwid ay matatalo; dahil sa kanilang pagsisinungaling laban sa Allâh (ﷻ) at sa pagsamba nila ng iba bukod sa Kanya.

79-80. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha para sa inyo ng mga hayop; upang ito ay mapakinabangan ninyo: na kapakinabangan ng pagsakay o pagkain ng laman nito at iba pa na mga kapakinabangan, at upang maiparating ninyo ang inyong mga dalahin sa pamamagitan nito sa nais ng inyong mga kalooban na marating na mga malalayong lugar, at sa pamamagitan nitong mga hayop ay dinadala kayo sa kapatagan at ganoon din nakasasakay kayo ng sasakyang-pandagat na inilalayag kayo sa karagatan sa pamamagitan nito.

81. At ipinapakita ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang napakaraming malilinaw na palatandaan na nagpapatunay ng Kanyang Kakayahan at Pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha, na kung kaya, saan sa mga palatandaan Niya ang inyong tinatanggihan at hindi tinatangkilik?

82. Hindi ba naglakbay ang mga walang pananampalataya sa kalupaan at sinuri ang mga ikinamatay at tinamasang parusa ng mga sambayanan na di-naniwala na nauna sa kanila, at kung ano ang kanilang kinahinatnan? At itong mga sambayanan na nauna sa kanila ay mas marami sila sa bilang kaysa kanila at mas makapangyarihan sa lakas at mga sandata, at mas marami silang palatandaan na nanatili sa kalupaan bilang mga bakas ng mga itinayo nila at iba pa, subali't walang nagawa sa kanila ang anuman na kanilang nakamtan na kapangyarihan noong dumating sa kanila ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

83. At nang dumating ang mga Sugo sa mga sambayanan na hindi naniwala na dala-dala nila ang mga malilinaw na palatandaan ay pinagtawanan nila sila dahil sa kanilang kamangmangan at kaalaman na salungat sa anumang dala-dala sa kanila ng mga Sugo, at dumating sa kanila ang kaparusahan na ipinamadali nila sa mga Sugo bilang pangungutya at pag-aalipusta.

Dito sa talatang ito ang tanda ng anumang kaalaman na labag sa Islâm o di kaya ay sumisira rito o di kaya ay naglalagay ng pag-aalinlangan sa pagiging totoo nito, lahat ng ganitong kaalaman ay kinasusuklaman ng Allâh (ﷻ), at ang naniniwala sa ganitong kaalaman ay hindi kabilang sa tagasunod ni Propeta Muhammad (ﷺ).

84. At nang dumating sa kanila ang Aming parusa ay saka pa sila umamin subali't wala nang pakinabang ang kanilang pag-amin, na kanilang sinabi: "*Naniwala na kami sa Allâh na Bukod-Tangi at tinanggihan na namin ang anumang sinamba namin bilang pagtatambal sa Allâh*."

85. Subali't wala nang pakinabang sa kanila ang kanilang paniniwala noong nakita na nila ang Aming parusa; dahil ang ganitong paniniwala ay napipilitan lamang na hindi bukal sa kanilang kalooban, ito ang pamamaraan ng Allâh (ﷻ) na nangyari rin sa mga nauna pang mga tao noong sila ay tumanggi ay nawalan ng pakinabang ang paniniwala nila noong nakita na nila ang parusa, at doon napahamak ang mga walang pananampalataya noong dumating na ang parusa ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa kanila, habang sila ay nasa pagtanggi sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at di-pagsunod sa Kanya.

سورة فصّلت 41

XLI – Sûrat Fussilat

[**Kabanata Fussilat** – Nilinaw At Ipinaliwanag Ang Mga Ito Nang Ganap]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. *Hã-Mĩm* – Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Itong Dakilang Qur'ân ay ipinahayag mula sa Allâh (ﷻ) na '***Ar-Rahmân***' – ang Pinakamahabagin, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal, na Kanyang ipinahayag sa Kanyang Propeta na si Muhammad (ﷺ).

3. Isang Aklat na nilinaw ang mga talata nito nang ganap na pagkakalinaw at ipinaliwanag ang mga kahulugan nito at ang mga batas nito, na Qur'ân na wikang '*Arabic*' na madaling maunawaan ng mga taong nakaiintindi ng wikang '*Arabic*.'

4. Nagbibigay ng magandang balita hinggil sa gantimpala rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay sa sinumang maniwala nito at isinagawa ang mga ipinag-utos nito, at bilang babala hinggil sa parusa rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay sa sinumang hindi naniwala rito, subali't ito ay tinalikuran ng karamihan sa mga tao, dahil sila ay hindi nakikinig nang may pagtanggap at pagsang-ayon.

5. At sinabi nila na mga tumanggi na hindi naniwala kay Propeta Muhammad (ﷺ): "*Ang aming mga puso ay natakpan ng harang upang di-maunawaan ang anumang ipinag-aanyaya mo sa amin*, *at ang aming mga tainga ay hindi nakaririnig*, *at ang*

pagitan namin at pagitan mo, *O Muhammad*, *ay may nakaharang upang di-matugunan ang iyong paanyaya*, *na kung kaya*, *isagawa mo ang anuman na ayon sa iyong paniniwala at kami naman ay isasagawa din namin ang anuman na ayon sa aming paniniwala*."

6-7. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ako ay tao lamang na katulad din ninyo*, *na ipinahayag ng Allâh* (ﷻ) *sa akin ang pagpapatunay na Siya ang inyong* '*Ilâh*' (*o Diyos na sinasamba*), *na Bukod-Tangi lamang na karapat-dapat ng pagsamba*, *na Siya ang Nag-iisa na Bukod-Tangi na walang katambal*, *na kung kaya*, *sundin ninyo ang Daan patungo sa Kanya*, *at hilingin ninyo ang Kanyang kapatawaran.*" At ang parusa ay sa mga sumamba ng iba bukod sa Allâh na mga rebulto na hindi nakabubuti at hindi rin nakapagsasanhi ng kapinsalaan, at ang mga yaong hindi nila nilinis ang kanilang mga sarili sa paniniwala hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) na kanilang Tagapaglikha at taos-pusong pagtanggap sa paniniwalang ito, at hindi sila nagsasagawa ng '*Salâh*' at hindi rin sila nagbibigay ng obligadong kawanggawa ('*Zakâh*'), ay nangangahulugan na wala silang taos-pusong paniniwala sa Allâh (ﷻ) na Tagapaglikha at walang pakinabang sa kanila ang mga nilikha, at sila ay hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay, at hindi rin sila naniniwala sa '*Al-Jannah*' (Hardin) at Impiyerno, at hindi sila gumagasta bilang pagsunod sa Allâh (ﷻ).

8. Katiyakan, ang mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ), sa Kanyang Sugo, sa Kanyang Aklat at gumawa sila ng mga mababuting gawa na taos-puso na para lamang sa Allâh (ﷻ) ang kanilang gawain, ang para sa kanila ay dakilang gantimpala na walang katapusan.

9. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga sumamba ng iba bukod sa Allâh bilang pag-aalipusta at pagkamangha sa kanilang gawain: "*Kayo ba ay hindi naniwala sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang lumikha ng kalupaan sa loob ng dalawang araw*, *at naglagay kayo ng katambal na ipinantay ninyo sa pagsamba sa Kanya? Siya ang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang*."

10. At nilikha Niya sa kalupaan ang mga bundok na mga matatag na nasa ibabaw nito, at biniyayaan Niya ito na ginawa Niya na patuloy na nagmumula rito ang kabutihan para sa mga naninirahan dito, at itinakda Niya ang kabuhayan ng sinumang naninirahan dito, at sinukat nang tamang pagkasukat ang anumang maaaring ikabubuhay nila, na nilikha Niya ang lahat ng mga yaon sa loob ng apat na araw: na dalawang araw ang paglikha sa kalupaan at ang dalawang araw naman ay ang pagkakatalusok ng mga kabundukan at pagtakda sa anumang mga kabuhayan dito, na ito ay para sa lahat ng nais magtanong, ang ibig sabihin: Ang sinumang magtatanong hinggil dito ay ito ang dapat niyang mabatid.

11. Pagkatapos, Siya ay pumaroon sa itaas ng kalangitan na ito ay dating usok lamang, at Kanyang sinabi sa kalangitan at kalupaan: "*Sumunod kayong dalawa sa Aking kautusan na taos-puso o sapilitan*." At sinabi noong dalawa (kalangitan at kalupaan): "*Kami ay kusang sumusunod*, *na wala kaming dapat na salungatin sa Iyong kagustuhan*."



12. Pagkatapos ay binuo at tinapos ng Allâh (ﷻ) ang paglikha ng pitong kalangitan at pagsasaayos nito sa loob ng dalawang Araw, at doon natapos ang pagkalikha ng mga kalangitan at kalupaan sa loob ng anim na Araw, sa karunungan ng Allâh (ﷻ) na Ganap na Nakaaalam, dahil Siya ang May Kakayahan na likhain ang mga ito sa isang saglit lamang, ipinahayag sa bawa't kalangitan ang anuman na nais Niya at ang tungkulin nito, at pinalamutian ang mababang kalangitan ng mga maliliwanag na mga bituin, at pinangalagaan mula sa mga '*Shaytân*' na nagnanakaw ng impormasyon. Ang kamangha-manghang kagandahang pagkalikha nito ay itinakda ng Allâh (ﷻ) na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang Kaharian, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam na saklaw ng Kanyang kaalaman ang lahat ng bagay.

13. At kapag tumalikod ang mga walang pananampalataya pagkatapos linawin sa kanila ang mga magagandang katangian ng Dakilang Qur'ân at ilan sa mga katangian ng Allâh (ﷻ) na Dakilang sinasamba, sabihin mo sa kanila: "*Katiyakan*, *binalaan ko kayo hinggil sa masidhing kaparusahan na kayo ay wawasakin na katulad ng parusa na iginawad sa sambayanan ni `Âd at ni Thamoud noong sila ay hindi naniwala sa Allâh* (ﷻ) *na kanilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at nilabag nila ang mga Sugo*."

14. Noong dumating ang Sugo sa sambayanan nina `Âd at Thamoud, na sila ay magkakasunud-sunod, na sila ay inuutusan nila na sambahin lamang ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi na walang katambal, kanilang sinabi sa mga Sugo na ipinadala sa kanila: "*Kung ginusto ng aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na Siya lamang ang aming paniniwalaan at hindi kami sasamba ng anuman bukod sa Kanya*, *ay katiyakang magpapababa Siya sa amin ng mga anghel mula sa kalangitan bilang mga Sugo*, *upang anyayahan kami sa anumang iniaanyaya ninyo sa amin*, *at hindi kayo ang Kanyang ipadadala dahil kayo ay tao lamang na katulad din namin*, *na kung kaya*,

anuman ang mensahe na ipinadala ng Allâh sa inyo, *para sa amin na paniniwala sa Kanya at sa Kanyang Kaisahan ay tinatanggihan namin*."

15. At hinggil kay `Âd na sambayanan ni Hûd (عليه السلام) ay katotohanang sila ay nagmataas sa kalupaan sa mga alipin ng Allâh na wala silang karapatan, at kanilang sinabi na may pagmamayabang: "*Sino pa ba ang mas matindi ang lakas kaysa sa amin?*" Hindi ba nila nakita na ang Allâh (ﷻ) na Siyang lumikha sa kanila ay mas Makapangyarihan at matindi ang Lakas at Kakayahan kaysa sa kanila? Samantalang sila ay kinaugalian na tanggihan ang Aming mga palatandaan at katibayan.

16. Na kung kaya, nagpadala Kami sa kanila ng hangin na napakatindi ang lamig at napakalakas ng ugong nito sa mga araw na napakasama sa kanilang pananaw; upang ipatikim Namin sa kanila ang parusang kaaba-aba at hamak sa kanila rito sa daigdig. Subali't katiyakang ang parusa sa Kabilang-Buhay ay mas higit na kaaba-aba at kahiya-hiya para sa kanila, at walang sinuman ang makatutulong sa kanila upang pigilin sa kanila ang kaparusahan.

17. At ang kay Thamoud naman na sambayanan ni Sâleh (عليه السلام) ay katotohanang nilinaw Namin sa kanila ang Daan ng Katotohanan at Landas ng Patnubay, subali't mas pinili nila ang pagkabulag kaysa sa patnubay, na kung kaya, pinuksa Namin sila ng kidlat na parusa na nagpahamak sa kanila; dahil sa kanilang natamo na mga kasalanan sa di nila paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagtanggi nila sa mga Sugo.

18. At iniligtas Namin ang mga naniwala mula sa kaparusahan na siyang naghugot ng kasamaan sa sambayanan nina `Âd at Thamoud, at sila na nagkaroon ng takot hinggil sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) at nagpakatuwid ay nakaligtas.

19-20. At sa Araw na titipunin ang mga kumalaban sa Allâh (ﷻ) tungo sa Impiyernong-Apoy, na pagsasama-samahin ng mga tagapangasiwa ng Impiyerno ang kauna-unahan sa kanila hanggang sa kahuli-hulihan sa kanila, hanggang kapag dumating na sila sa Impiyerno ay tatanggihan nila ang kanilang nagawang kasalanan at titestigo laban sa kanila ang kanilang mga sariling pandinig, mga paningin at mga balat sa kung ano ang kanilang ginawa rito sa daigdig na mga kasalanan at krimen.



21. At sasabihin nila na mga tinipon sa Impiyerno na mga kumalaban sa Allâh (ﷻ) sa kanilang mga balat bilang paninisi: "*Bakit kayo tumitestigo laban sa amin?*" Sasagutin sila ng kanilang mga balat: "*Pinagsalita kami ng Allâh* (ﷻ) *na Siyang nagpapasalita ng lahat ng bagay*, *at Siya ang Lumikha sa inyo sa unang pagkakataon pa lamang noong kayo ay wala pa*, *at sa Kanya kayo ay sasanhiin na pabalikin pagkatapos ng inyong kamatayan para sa pagbabayad at pagtutumbas*."

22-23. At kayo ay hindi natatakot habang ginagawa ninyo ang mga kasalanan, na matakot na titestigo laban sa inyo ang inyong mga pandinig, mga paningin at ang mga balat sa Araw ng Muling Pagkabuhay; inaakala ninyo na ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya batid ang karamihan sa mga kasalanan na inyong ginagawa bilang paglabag ninyo sa Kanya. Na kung kaya, ang inyong masamang palagay na iniisip hinggil sa Allâh (ﷻ) na inyong Tagapaglikha ang siyang nagwasak sa inyo at itinulak kayo sa Impiyerno, na kung kaya, ngayon ay kabilang na kayo sa mga ganap na talunan sa inyong mga sarili at sa inyong mga pamilya.

24. At kahit na tiisin pa nila ang parusa ay Impiyernong-Apoy pa rin ang kanilang patutunguhan, at kahit na hilingin pa nila na makabalik sa daigdig; upang makapagsimula sila ng paggawa ng kabutihan ay hindi pa rin sila diringgin at hindi pa rin tatanggapin sa kanila ang mga katwiran.

25. At itinalaga Namin sa kanila na mga masasama na mga tumanggi ay ang mga kasamahan din nila na mga masasama mula sa mga '*Shaytân*' na tao at '*Jinn*,' na pinaganda sa kanila ang mga masasamang gawain dito sa daigdig at inanyayahan sila tungo sa mga kahali-halina na mga ipinagbabawal, at pinaganda rin sa kanila ang anuman na patutunguhan nila hinggil sa Kabilang-Buhay, na kung kaya, nakalimutan nila ang mga bagay na ito at inanyayahan sila na hindi paniwalaan ang Muling Pagkabuhay, at sa ganitong kadahilanan ay naging karapat-dapat sa kanila na

makapasok sa Impiyerno, kabilang ang mga naunang henerasyon mula sa mga di-naniwala na mga '*Jinn*' at mga tao. Katiyakan, naging talunan sila sa kanilang gawain dito sa daigdig at gayundin ang kanilang mga sarili sa Kabilang-Buhay at ang kanilang pamilya.

26. At sinabi ng mga walang pananampalataya na nagpapayuhan sa isa't isa: "*Huwag ninyong pakinggan ang Qur'ân at huwag ninyong sundin*, *at huwag kayong magpasailalim sa mga kautusan nito*, *at lakasan ninyo ang inyong mga boses sa pamamagitan ng pagsigaw at magsagawa kayo ng pag-iingay kapag binasa ni Muhammad ang Dakilang Qur'ân*; *baka sakaling matalo ninyo siya at ititigil niya ang kanyang pagbabasa*, *at mananalo kayo laban sa kanya*."

27. Walang pag-aalinlangan, ipatitikim Namin sa mga nagsabi ng ganitong salita ang masidhing parusa rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at papagbabayarin Namin sila ng napakasamang pagbabayad na higit pa sa anumang nagawa nilang kasamaan.

28. Itong pagbabayad na matatamo nila na mga walang pananampalataya bilang kabayaran sa mga kalaban ng Allâh ay Impiyerno, at ito ay para sa kanila roon, na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan; bilang kabayaran sa kanilang pagtanggi sa Aming mga katibayan at mga palatandaan sa daigdig. Ang talatang ito ay nagpapatunay sa tindi ng kasalanan ng sinumang inilayo ang mga tao sa Dakilang Qur'ân, at pinigilan sila na magsuri at magabayan nito sa anumang kaparaanan.

29. At sinabi ng mga hindi naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, na sila ay nasa Impiyerno: "*O Allâh na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ipakita Mo sa amin ang dalawang nagligaw sa amin mula sa Iyong nilikha na* '*Jinn*' *at tao*, *dahil ilalagay namin sila sa ilalim ng aming mga paa*; *upang sila ay mapasakaila-ilaliman ng Impiyerno.*"



30. Katiyakan, ang mga yaong nagsabi na ang aming '*Rabb*' na Tagapaglikha ay ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi na walang katambal sa pagsamba sa Kanya, pagkatapos sila ay nagpakatuwid sa pagsunod sa Kanyang batas, bababa sa kanila ang mga anghel sa oras ng kanilang kamatayan na sasabihin sa kanila: "*Huwag kayong matakot sa kamatayan at sa mangyayari pagkatapos nito*, *at huwag kayong malungkot sa anumang iniwan ninyo na makamundong buhay*, *at matuwa kayo sa magandang balita ng* '*Al-Jannah*' (*Hardin*) *na kung saan ito ay ipinangako sa inyo*."

31-32. At sasabihin sa kanila ng mga anghel: "*Kami ang inyong kaagapay sa buhay dito sa daigdig*, *at ginagabayan namin kayo at pinangangalagaan bilang kautusan ng Allâh* (ﷻ), *at gayundin*, *kami rin ang inyong kasama sa Kabilang-Buhay*, *at para sa inyo sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*) *ang lahat ng kalugud-lugod sa inyong mga sarili na kayo ang pipili*, *at bagay na magpapapanatag ng inyong mga paningin*, *at kahit ano ang inyong kahilingan ay matatagpuan ninyo kaagad sa inyong harapan bilang parangal at pag-iistima at biyaya sa inyo mula sa Allâh* (ﷻ) *na* '***Ghafour***' – *Ganap na Mapagpatawad sa inyong kasalanan*, *na* '***Raheem***' – *Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa inyo.*"

33. Wala nang sinuman na hihigit pa ang kabutihan sa salita na binibigkas ng sinumang nag-aakay tungo sa paniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at pagsamba sa Kanya nang bukod-tangi at gumawa ng kabutihan na kanyang sinabi: "*Katiyakan*, *ako ay kabilang sa mga Muslim na ganap na nagpapasailalim sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang batas*."

Dito sa talatang ito ang pag-uutos ng Allâh (ﷻ) sa pag-aanyaya o '*da`wah*' tungo sa Allâh (ﷻ), at pagpapaliwanag sa katangian ng mga marurunong ng kaalaman na nag-aakay tungo sa Allâh (ﷻ) nang may katiyakan, ayon sa dinalang mensahe ng Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ).

34-35. At hindi maaaring magkaparehas ang kabutihan ng mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang batas at naging mabuti sa mga nilikha ng Allâh, at ang kasamaan ng mga yaong di-naniwala sa Kanya at lumabag sa Kanyang ipinag-utos at naging masama sa Kanyang mga nilikha. Ilayo mo sa pamamagitan ng iyong pagpapatawad at lawak ng pang-unawa at iyong pagiging mabuti ang sinuman na naging masama sa iyo, at tumbasan mo ang pagiging masama niya ng pagiging mabuti mo sa kanya, at sa pamamagitan nito siya na naging masama sa iyo na nagkaroon kayo ng alitan sa isa't isa ay magiging malapit na maawain sa iyo. At walang ginabayan sa ganitong mabuting pag-uugali maliban sa yaong tinitiis ang kanilang mga sarili sa anumang di kanais-nais, at pinilit nila ang kanilang mga sarili na gumawa ng anumang kalugud-lugod sa paningin ng Allâh (ﷻ), at walang ginabayan sa ganitong katangian maliban sa sinumang pinagkalooban ng masaganang kaligayahan sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

36. At kung si '*Shaytân*' ay uudyukan at lilinlangin ang iyong sarili upang ikaw ay madala sa pagtutumbas ng masama sa sinumang gumawa ng masama sa iyo, ay hilingin mo ang kalinga ng Allâh (ﷻ) at ipaubaya mo ang sarili mo sa Kanya, dahil walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ), Siya ay '***As-Samee***`' – ang Ganap na Nakakarinig sa iyong paghingi ng kalinga, na '***Al-`Aleem*'** – ang Ganap na Nakaaalam sa kalagayan ng lahat ng Kanyang nilikha.

37. At kabilang sa mga katibayan ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang nilikha at mga palatandaan ng Kanyang Kaisahan at ang ganap na Kanyang kapangyarihan ay ang pagkakaiba ng gabi at araw at ang pagpapalit-palitan nito, at gayundin ang pagkakaiba ng araw sa buwan at ang pagpapalit-palitan nito, at ang lahat ng mga ito ay nasa ilalim ng Kanyang pangangasiwa at pangunguntrol. Huwag kayong magpatirapa sa araw at sa buwan – dahil ang dalawang ito ay pinangangasiwaan lamang at nilikha, bagkus ay magpatirapa kayo sa Allâh (ﷻ) na lumikha ng mga ito, kung kayo ay tunay na sumasamba sa Kanya na Bukod-Tangi na walang katambal,

38. At kapag sila ay nagmataas na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh na di sila nagpatirapa sa Allâh (ﷻ), ay katiyakang ang mga anghel na nasa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay hindi sila nagmamataas, sa halip sila ay nagpapatirapa sa Kanya sa gabi at araw at dinarakila nila na inilalayo sa anumang kakulangan, at hindi sila nagsasawa at hindi sila napapagod.



39. At kabilang sa mga palatandaan ng Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang kakayahan; ay makikita mo ang kalupaan na tuyot na walang anumang tumutubong pananim, subali't kapag ibinaba Niya rito ang ulan ay magkakaroon ito ng buhay sa pamamagitan ng pagsibol ng mga pananim at ito ay lalaki at lalago. Katiyakan, ang nagbigay ng buhay sa kalupaang ito pagkatapos nitong maging tuyot ay Siya rin ang May Kakayahan na buhaying muli ang Kanyang mga nilikha pagkatapos ng kanilang kamatayan, dahil walang pag-aalinlangan, Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay, na kung kaya, dahil sa Kanyang kapangyarihan na kaya Niyang buhayin ang kalupaan pagkatapos nitong matuyot, ay gayundin, Siya rin ang May Ganap na Kakayahan na buhayin ang mga namatay.

40. Katiyakan, ang mga yaong lumihis sa katotohanan at di pinaniniwalaan ang Dakilang Qur'ân at binabago ang kahulugan nito, ay hindi ito naililihim sa Amin, kundi Kami ang Ganap na Tagapagmasid sa kanila. Na kung kaya, siya na hindi naniniwala sa mga talata ng Allâh (ﷻ) na siyang itatapon sa Impiyerno ay mas higit ba, o siya na darating sa Kabilang-Buhay na ligtas mula sa parusa ng Allâh (ﷻ), na karapat-dapat sa Kanyang gantimpala; dahil sa kanyang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga talata? Gawin ninyo, O kayong mga walang paniniwala, ang anuman na nais ninyo dahil ang Allâh (ﷻ) sa katotohanan, ang '***Baseer***' – Ganap na Nababatid Niya ang inyong mga ginagawa, na walang anuman ang naililihim sa Kanya, at sa pamamagitan nito kayo ay papagbabayarin. At ito ay hamon at babala sa kanila.

41-42. Katiyakan, ang mga yaong tinanggihan ang Dakilang Qur'ân noong ito ay dumating sa kanila, ay pupuksain sila at paparusahan, dahil walang pag-aalinlangan, ang Dakilang Qur'ân na ito ay kagalang-galang dahil sa pagdakila ng Allâh (ﷻ) dito at ang pangangalaga Niya rito mula sa anumang pagbabago at pagpapalit, na kung kaya, hindi ito maaaring malapitan o mapasukan ng anumang kamalian kahit saanmang dako magmumula at walang anuman ang makasisira nito, dahil ito ay

pinangangalagaan mula sa pagbabawas o pagdaragdag, na ito ay ipinahayag ng Allâh (ﷻ) na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam na nangangasiwa sa Kanyang mga alipin, na '***Hameed***' – Ganap na Kapuri-puri sa Kanyang mga ganap na katangian at mga gawa sa lahat ng pagkakataon.

43. At anuman ang sinasabi sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay walang iba kundi katulad din ng sinabi ng mga nauna kaysa sa kanila na mga tao sa mga Sugo na ipinadala sa kanila, na kung kaya, magtiis ka sa anumang matatamo mo sa Daan ng pagpapalaganap ng Islâm tungo sa Allâh (ﷻ). Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng mga nagsisisi, at nagpaparusa sa sinumang nagpupumilit sa kanyang di-paniniwala at pagtanggi.

44. At kung sinanhi lamang Namin ang Dakilang Qur'ân na ito, na Aming inihayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), sa wikang banyaga ay sinabi na ng mga walang pananampalataya: "*Bakit hindi nilinaw ang mga talata nito upang maintindihan namin at malaman*, *na kung kaya*, *ang Dakilang Qur'ân ba na ito ay wikang banyaga*, *gayong ang wika ng taong pinagpahayagan nito ay* '*Arabic?*' *Ito ay hindi maaaring mangyari*." Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang Dakilang Qur'ân na ito ay para sa mga yaong naniwala sa Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang Sugo bilang gabay mula sa pagkaligaw*, *at gamot sa anumang nilalaman ng mga dibdib na mga pag-aalinlangan at mga sakit*, *at ang mga yaong hindi naniwala sa Dakilang Qur'ân ay may pagkabingi ang kanilang mga tainga mula sa pakikinig at pagsusuri nito*, *dahil ang kanilang mga puso ay bulag na di-nagagabayan*, *at sila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay katulad ng isa na tinatawag na nasa malayong lugar na hindi niya naririnig ang nananawagan sa kanya at hindi niya tinutugunan.*"

45. At katiyakan, ipinagkaloob Namin kay Mousã (عليه السلام) ang '*Tawrah*' na katulad ng pagkakaloob Namin sa iyo ng Qur'ân, O Muhammad (ﷺ), subali't nagkasalungatan hinggil sa '*Tawrah*' ang kanyang sambayanan: mayroon sa kanila ang naniwala at mayroon naman ang hindi. Kung hindi lamang nauna nang pinagpasiyahan ang salita ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na itinakda ang pag-aantala sa kaparusahan ng iyong sambayanan ay kaagad nang iginawad ang pagpaparusa sa kanila na mga walang pananampalataya, subali't katotohanan, ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay nasa pag-aalinlangan sa Dakilang Qur'ân nang matinding pag-aalinlangan.

46. Sinuman ang gumawa ng mabuti na sumunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo ay para rin lamang sa kanyang sarili ang gantimpala ng kanyang gawain, at sino naman ang naging masama at nilabag niya ang Allâh (ﷻ) at ang Kanyang Sugo ay para sa kanyang sarili ang parusa ng kanyang ginawa. At hindi dinadaya ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang Kanyang mga alipin sa pagbabawas ng kabutihan o pagdaragdag ng kasamaan.



47. Tungo sa Allâh (ﷻ) lamang na Bukod-Tangi na walang katambal isinasangguni ang kaalaman hinggil sa Oras ng pagkagunaw ng daigdig, dahil katiyakang walang sinuman ang nakaaalam nito kung kailan mangyayari bukod sa Kanya, at walang mga bunga na lumalabas mula sa ubod nito, at walang anumang dinadala ng babae sa sinapupunan at walang anumang ipinanganak nito kundi nasa kaalaman ng Allâh (ﷻ), at walang anumang bagay ang nailililhim sa Kanya. At sa Araw na tatawagin ng Allâh (ﷻ) ang mga sumasamba ng iba bukod sa Kanya sa Araw ng Muling Pagkabuhay bilang pag-aalipusta sa kanila at paglalantad ng kanilang pagtanggi o di-paniniwala: "*Nasaan na ang Aking mga katambal na itinatambal ninyo sa pagsamba sa Akin?*" Kanilang sasabihin: "*Ipinaaalam Namin sa Iyo na walang sinuman sa amin ang titestigo ngayon na Ikaw ay mayroong katambal*."

48. At maglalaho mula sa kanila na sumamba ng iba ang kanilang sinamba na itinambal nila sa Allâh (ﷻ), at hindi nila mapakikinabangan ang mga ito, at matitiyak nila na wala na silang matatakbuhan mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) at hindi na sila makaliligtas mula rito.

49. Hindi nagsasawa ang tao sa kanyang panalangin sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha na humihingi ng kanyang ikabubuting makamundo, at kapag nangyari sa kanya ang kahirapan at kagipitan ay mawawalan siya ng pag-asa mula sa Awa ng Allâh (ﷻ) at nasa pagdadalamhati.

50. At katotohanan, kapag ipinatikim Namin sa tao ang biyaya mula sa Amin pagkatapos ng kahirapan at pagsubok ay hindi siya tatanaw ng utang na loob sa Amin, sa halip siya ay magmamalabis sa pagsagawa ng kasalanan at kanyang sasabihin: "*Ito ay nakamtan ko*; *dahil sa ako ay karapat-dapat para rito*, *at hindi ko iniisip na ang Oras ng pagkagunaw ng daigdig ay mangyayari*," at ito ang hindi niya

paniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli. "*Subali't kung sakali na darating ang Oras ng pagkagunaw ng daigdig ay katiyakang*, *ako ay magbabalik sa Allâh na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na mayroon ako mula sa Kanya na* '*Al-Jannah*' (*Hardin*)."

Samakatuwid, walang pag-aalinlangan, ipapakita Namin sa mga walang pananampalataya sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang kanilang mga nagawang kasalanan, at ipalalasap Namin sa kanila ang masidhing kaparusahan.

51. At kapag biniyayaan Namin ang tao ng kalusugan o kabuhayan o di kaya ay iba pa, siya ay tatalikod at hindi susunod sa katotohanan, subali't kapag dumating sa kanya ang kahirapan, siya ay nananalangin nang maraming panalangin upang ilayo ang kahirapan na nangyari sa kanya, na kung kaya, kinikilala niya ang Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa oras ng kagipitan, at hindi niya kinikilala sa oras ng kasaganaan.

52. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga walang pananampalataya: "*Sabihin nga ninyo sa akin*, *kung ang Kabanal-banalan na Qur'ân na ito ay mula sa Allâh* (ﷻ), *at pagkatapos ay tinanggihan ninyo ay wala nang sinupaman ang mas ligaw kaysa sa inyo*; *dahil kayo ay lumalayo nang pagkalayu-layo mula sa katotohanan sa pamamagitan ng hindi ninyo paniniwala sa Kabanal-banalan na Qur'ân at sa pagtanggi ninyo rito.*"

53. Walang pag-aalinlangan, ipapakita Namin sa kanila na mga hindi naniwala ang Aming mga palatandaan sa mga kalangitan at kalupaan, at ang anumang ginagawa ng Allâh (ﷻ) dito sa dalawang ito na mga dakilang pangyayari, at sa kanila mismong mga sarili at ang mga nasa loob nito na mga kamangha-manghang palatandaan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang mga magagandang nilikha, hanggang mapatunayan nila mula sa mga palatandaang ito ang patunay na walang pag-aalinlangang ang Dakilang Qur'ân ay katotohanan na ipinahayag mula sa Allâh (ﷻ) na Tagapaglikha ng lahat ng nilalang. Hindi pa ba sapat sa kanila ito bilang tanda na ang Dakilang Qur'ân ay katotohanan, at ang sinumang nagdala nito ay totoo bilang pagtitestigo ng Allâh (ﷻ)? Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Shaheed***' – Saksi na Siya ay tumitestigo rito bilang patunay na Siya ang Ganap na Nakababatid sa lahat ng bagay, at wala nang hihigit pa na mas dakila kaysa sa pagtestigo ng Allâh (ﷻ).

54. Dapat ninyong mabatid na sila na mga walang pananampalataya ay nasa matinding-matinding pag-aalinlangan mula sa Pagkabuhay na Mag-uli pagkatapos ng kamatayan. Samakatuwid, dapat ninyong mabatid na ang Allâh (ﷻ) ay saklaw ng Kanyang Kaalaman, Kakayahan, Kapangyarihan ang lahat ng bagay, at walang anuman ang nailiihim sa Kanya rito sa kalupaan at gayundin sa kalangitan.

سورة الشورى 42

XLII – Sûrat Ash-Shûrã

[**Kabanata Ash-Shûrã** – Ang Pagsangguni]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. *Hâ-Mĩm*.

2. *`Ãyn-Sĩn-Qãf*. Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

3. Kung paano ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Dakilang Qur'ân na ito ay gayundin ang mga naunang mga Aklat sa mga Propeta na nauna kaysa sa iyo, at Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang pagpaparusa, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang mga salita at mga gawa.

4. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi ang anumang nasa mga kalangitan at nasa kalupaan, at Siya ay '***Al-`Alee***' – ang Kataas-Taasan sa Kanyang Sarili, sa Kanyang Kapangyarihan at Pangunguntrol, na '***Al-Adzeem***' – ang Pinakadakila na Siya ang Nagmamay-ari ng tunay na Kadakilaan at Pagmamataas.

5. Halos magkabiyak-biyak ang mga kalangitan, maging ang bawa't isa na nasa ibabaw ng kalangitan; dahil sa Kadakilaan ng Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin at sa Kanyang Kamaharlikaan, at ang mga anghel ay lumuluwalhati sa pagpuri sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na dinarakila nila Siya bilang Kanyang

Kaganapan at bilang paglalayo sa anumang hindi karapat-dapat na para sa Kanya, at humihiling sila sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng kapatawaran para sa mga kasalanan ng sinumang nasa kalupaan na mga naniwala sa Kanya. Dapat mong mabatid na walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay '***Al-Ghafour***' – ang Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng mga naniniwala mula sa Kanyang mga alipin, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

6. At ang mga yaong nagturing ng iba bukod sa Allâh ng mga diyus-diyusan na kanilang sinasandalan at sinasamba, ay itinatala ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang kanilang mga gawain; upang sila ay papagbayarin sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at hindi ikaw, O Muhammad (ﷺ), ang '*wakeel*' o tagapangasiwa sa kanilang gawain, kundi ikaw ay bilang tagapagbabala lamang, at ang tungkulin mo ay pagpaparating lamang ng mensahe at Kami naman ang magtutuos.

7. At kung paano Kami nagpahayag sa mga Propeta na nauna sa iyo ay ganoon din, ipinahayag Namin sa iyo ang Dakilang Qur'ân na wikang '*Arabic*' upang balaan ang pinaka-Ina o pinakasentro ng mga bayan, na ito ay Makkah at ang mga nakapalibot dito, at balaan sila hinggil sa Araw ng Pagtitipun-tipon, na ito ay Araw ng Muling Pagkabuhay na walang pag-aalinlangang darating. At mga tao roon ay dalawang grupo: grupo na papunta sa '*Al-Jannah*' (Hardin), na sila ay yaong mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sinunod ang anumang dala-dala ng Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ), at isang grupo naman sa kanila ay sa Impiyerno na naglalagablab, na sila ay yaong mga hindi naniwala sa Allâh (ﷻ) at nilabag ang anumang dala-dala sa kanila ng Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ).

8. At kung nanaisin ng Allâh (ﷻ) ay mapagsasama Niya ang Kanyang mga nilikha na mga tao sa patnubay at gawin Niya sila na nasa iisang paniniwala lamang na sumusunod sa Kanyang patnubay, subali't nais Niya na papasukin sa Kanyang Awa ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang pinili sa Kanyang mga nilikha. At ang mga masasama laban sa kanilang mga sarili dahil sa kanilang pagsamba ng iba bukod sa Allâh ay wala silang masasandalan na mangangalaga sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at wala silang makatutulong na magliligtas sa kanila mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

9. Magkagayunpaman ay nagtuturing pa rin ang mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – ng ibang sinasandalan bukod sa Allâh (ﷻ) bilang tagapangalaga, samantalang ang Allâh (ﷻ) ay '***Al-Walee***' – Siya lamang ang Bukod-Tangi na Tagapangalaga na hinihingan ng Kanyang alipin ng pangangalaga sa pamamagitan ng pagsamba at pagsunod sa Kanya, at pinangangalagaan Niya ang Kanyang mga alipin na mga mananampalataya na sila ay iniaalis mula sa kadiliman tungo sa liwanag, at

sila ay pinangangalagaan sa lahat ng kanilang pangangailangan, at Siya ang bubuhay ng mga patay sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay, na Siya ang May Kakayahan na gawin ang lahat ng bagay.

10. At ang anuman na hindi ninyo pinagkakasunduan, O kayong mga tao, hinggil sa inyong '*Deen*' (o Relihiyon), ay dapat na isinasangguni lamang sa Allâh (ﷻ) ang kapasiyahan hinggil dito sa pamamagitan ng Kanyang Aklat at '*Sunnah*' ng Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ). (At sabihin mo, O Muhammad ﷺ): "*Ganito ang Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *at inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *sa Kanya ko lamang ipinauubaya ang lahat hinggil sa akin*, *at sa Kanya ko isinasangguni ang lahat ng aking buhay*."



11. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan dahil sa Kanyang Kapangyarihan, Kagustuhan at Karunungan, na nilikha Niya para sa inyo mula sa inyong mga sarili ang inyong mga asawa; upang sa pamamagitan nila ay mapanatag kayo, at ginawa Niya para sa inyo ang mga hayop na magkakaparis (lalaki at babae) at pinararami kayo sa pamamagitan ng panganganak, na Siya ay walang katulad at walang maihahambing sa Kanya mula sa anuman na Kanyang mga nilikha, sa Kanyang Sarili, sa Kanyang mga Pangalan, sa Kanyang mga Katangian at sa Kanyang mga Gawain; dahil ang lahat ng Kanyang mga Pangalan ay mababuti, at ang Kanyang mga katangian ay ganap at dakila, at sa pamamagitan ng Kanyang mga Gawain ay nilikha Niya ang Kanyang mga dakilang nilikha na wala Siyang katulong sa paggawa nito, at Siya ay '***As-Samee***`' – ang Ganap na Nakakarinig, na '***Al-Baseer***' – ang Ganap na Nakakakita at walang anuman ang naililihim sa Kanya sa mga gawain ng Kanyang mga nilikha at sa kanilang mga sinasabi, at ayon dito sila ay tutumbasan.

12. Siya lamang ang Nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan, at nasa pagtatangan ng Kanyang Kamay ang mga susi ng Kanyang Awa at Kabuhayan, at pinaluluwag Niya sa pamumuhay ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin at hinihigpitan Niya ang sinuman na Kanyang nais. Katiyakan, Siya sa katotohanan, na luwalhati sa Kanya, ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay, na walang anuman ang naililihim sa Kanya sa lahat ng nangyayari sa lahat ng Kanyang mga nilikha.

13. Ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa inyo, O kayong mga tao, mula sa batas ng '*Deen*' (o Relihiyon) na Kanyang ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na ito ay ang Islâm, na katulad ng Kanyang ipinag-utos kay Nûh (Noah عليه السلام), na ito ay kanyang sundin at ipalaganap, at ganoon din ang ipinahayag Niya kay Ibrâhim (عليه السلام), Mousã (Moises

(عليه السلام) at `Îsã (Hesus (عليه السلام)) – sila ang limang magigiting na mga Sugo – na itayo ninyo ang '*Deen*' ng Kaisahan ng Allâh (ﷻ), pagsunod at bukod-tanging pagsamba sa Kanya na wala nang iba, at huwag kayong magsalungatan sa '*Deen*' na ipinag-utos sa inyo.

Hindi naging katanggap-tanggap sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ang anuman ang iniaanyaya mo sa kanila na Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at pagsamba nang taos-puso lamang sa Kanya. Ang Allâh (ﷻ) ay pinipili Niya sa paniniwala sa Kanyang Kaisahan ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang nilikha, at ginagabayan Niya sa pagsagawa nito bilang pagsunod sa Kanya ang sinumang nagbabalik-loob sa Kanya.

14. At hindi nagkawatak-watak ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh sa kanilang mga paniniwala na sila ay naging iba't ibang sekta at grupo maliban noong pagkatapos nang dumating sa kanila ang kaalaman at naitatag ang katibayan laban sa kanila, at walang nagtulak sa kanila sa ganitong gawain kundi ang pagiging makasarili at pagmamatigas, at kung hindi lamang nauna ang pasiya ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), na iantala ang kaparusahan sa kanila hanggang sa dumating ang nakatakdang araw, na ito ay Araw ng Muling Pagkabuhay, ay pinagpasiyahan na ng Allâh (ﷻ) na madaliin ang kaparusahan sa mga hindi naniwala sa Kanya. At katiyakan, ang mga yaong pinagkalooban ng '*Tawrah*' at '*Injeel*' pagkatapos nila na magkasalungatan at tumanggi sa katotohanan ay nasa matinding pag-aalinlangan hinggil sa Islâm, na ang pag-aalinlangan at pagkakasalungatan na nangyari sa kanila ay napakasama.

15. Na kung kaya, tungo sa Matuwid na '*Deen*' na Kanyang ipinag-utos bilang batas para sa Kanyang mga Propeta at bilang pagpapayo sa kanila, ay anyayahan mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga alipin ng Allâh (ﷻ), at magpakatuwid ka na katulad ng ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa iyo, at huwag mong sundin ang mga kagustuhan ng mga yaong nagdududa sa katotohanan at lumihis sa '*Deen*,' at sabihin mo: "*Pinaniwalaan ko ang lahat ng mga Aklat na ibinaba mula sa kalangitan para sa mga Propeta at inutusan ako ng Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na maging makatarungan sa aking paghuhukom sa pagitan ninyo*, *at ang Allâh* (ﷻ) *ay ang aming* '*Rabb*' *at ang inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*.

"*Para sa amin ang gantimpala ng aming mga mababuting gawain at sa inyo naman ang kabayaran ng inyong mga masasamang gawain*, *na walang pag-aaway at pagtatalu-talo sa pagitan namin at sa pagitan ninyo pagkatapos na naging malinaw ang katotohanan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay titipunin tayong lahat sa Araw ng Muling Pagkabuhay at doon pagpapasiyahan Niya ang pagitan natin nang makatarungang pagpasiya sa anumang hindi natin pinagkasunduan*, *at sa Kanya lamang patutungo ang lahat at tutumbasan Niya ang bawa't isa sa anumang karapat-dapat na para sa kanya*."

16. At ang mga yaong nagtatalu-talo hinggil sa '*Deen*' ng Allâh (ﷻ), na kung saan, si Muhammad (ﷺ) ay Aking ipinadala para rito, pagkatapos itong tanggapin ng tao sa kanya at sila ay sumuko, ay walang saysay ang kanilang katibayan at pag-aaway-away at maglalaho roon sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at para sa kanila ay poot mula sa Allâh (ﷻ) sa daigdig at sa Kabilang-Buhay ay matinding parusa na ito ay Impiyernong-Apoy.

17. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagbaba ng Qur'ân at ang lahat ng Aklat, na ipinahayag ang mga ito nang makatotohanan, at ibinaba ang Timbangan (o Batas) na ito ay ang pagiging makatarungan; upang hukuman ang pagitan ng mga tao nang pantay-pantay. At ano ba ang makapagpapabatid sa iyo na ang Oras ng pagkagunaw ng daigdig ay malapit nang mangyari?

18. Minamadali ng mga walang pananampalataya ang pagdating ng pagkagunaw ng daigdig; bilang pangungutya at paghamak, samantalang ang mga yaong naniniwala rito ay natatakot sa pagdating nito at katotohanang batid nila na walang pag-aalinlangan ang hinggil dito. Dapat mong mabatid na ang mga yaong nagtatalu-talo hinggil sa pagkagunaw ng daigdig ay nasa malayong pagkakaligaw mula sa katotohanan.

19. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Lateef*** ' – Pinakadalubhasa, Kapita-Pitagan at Pinakamabait sa Kanyang mga alipin, niluluwagan Niya sa kabuhayan ang sinuman na Kanyang nais, na hinihigpitan Niya ang sinuman na Kanyang nais ayon sa Kanyang ganap na karunungan, na Siya ay '***Al-Qawee***' – ang Malakas na Ganap ang Kanyang Lakas, na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang pagpaparusa sa mga makasalanan sa Kanya.

20. Ang sinuman ang nagnanais ng gantimpala sa Kabilang-Buhay sa kanyang gawain at ginampanan niya ang kanyang mga tungkulin sa Allâh (ﷻ) at gumasta sa pagpapalaganap ng '*Deen*' (o Relihiyon) ng Allâh (ﷻ), ay daragdagan Namin sa kanya ang kanyang mabuting gawa at pararamihin Namin sa kanya ang mabuting gantimpala hanggang sampung katumbas nito, o hanggang sa anuman na nais ng Allâh (ﷻ) na karagdagan, at ang sinumang nagnanais sa kanyang gawain ng kapakinabangan dito lamang sa daigdig, ay ipagkakaloob Namin sa kanya ang anuman na ibinahagi Namin na para sa kanya rito, at sa Kabilang-Buhay ay wala na siyang makakamtan na kahit na anumang gantimpala.

21. O mayroon ba sa mga sinasamba ng mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – sa kanilang pagsamba at pagkaligaw na ginawa para sa kanila na relihiyon na hindi ipinag-utos ng Allâh (ﷻ)? Kung hindi lamang sa pasiya ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang pagtakda na sila ay hindi muna mamadaliin at hindi minamadali sa kanila ang parusa rito sa daigdig ay nangyari na sa kanila kaagad ang kaparusahan. Katiyakan, ang para sa kanila na mga hindi naniwala sa Allâh sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay matinding kaparusahan.

22. Makikita mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga hindi naniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay na natatakot mula sa parusa ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang nagawa rito sa daigdig na masamang gawain, at ang parusa ay katiyakang mangyayari sa kanila at walang pag-aalinlangang ito ay malalasap nila. At ang mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanya ay nasa mga hardin at sa mga kaharian na naroroon at sa anumang kaligayahan sa Kabilang-Buhay, at para sa kanila ang anumang kalugud-lugod sa kanilang mga sarili roon mula sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at ang pagkakaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila ay kabilang sa Kanyang kagandahang-loob at parangal na hindi kayang isalarawan at hindi kayang arukin ng kaisipan kung gaano ang kadakilaan at pagiging lubos sa kaligayahan na walang pagmamaliw.



23. At itong isinalaysay sa inyo, O kayong mga tao, na kaligayahan at parangal sa Kabilang-Buhay ay magandang balita na ibinabalita ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin na naniwala sa Kanya sa daigdig at sumunod sa Kanya. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na nag-aalinlangan hinggil sa pagkagunaw ng daigdig mula sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh sa iyong sambayanan: "*Hindi ako humihingi mula sa inyong kayamanan bilang kapalit sa pag-anyaya ko sa inyo tungo sa katotohanan na dala-dala ko maliban na lamang kung pagkakalooban ninyo ako dahil sa ating relasyong magkakamag-anak at bilang pagpapatibay ng ating ugnayan sa pagitan ko at ninyo*." Ang sinumang nakagawa ng kabutihan ay pararamihin Namin sa kanya ang gantimpala ng sampung doble o higit pa. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng Kanyang alipin, na '***Shakour***' – Ganap na Laging Handa na tanggapin ang inyong mga kabutihan at pagsunod sa Kanya.

24. O kanila bang sinasabi na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh: "*Nag-imbento ba si Muhammad ng kasinungalingan laban sa Allâh*, *na kung kaya, ang dala-dala niyang binibigkas sa atin ay inimbento niya lamang sa kanyang sarili?*" Kung ginusto ng Allâh (ﷻ) ay isasara Niya ang iyong puso, O Muhammad (ﷺ), kung ito ay iyong gagawin. At pinaglalaho ng Allâh (ﷻ) ang kamalian at inaalisan Niya ng saysay, at pinatatatag Niya ang katotohanan sa Kanyang mga salita, na hindi napapalitan at hindi nababago, at sa Kanyang Totoong Pangako na hindi nasisira, katiyakang ang Allâh (ﷻ), Siya ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa niloloob ng mga puso ng Kanyang mga alipin at walang anuman ang naililihim sa Kanya.

25. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang tumatanggap ng pagsisisi ng Kanyang mga alipin kapag sila ay nagbalik-loob sa paniniwala sa Kanyang Kaisahan at pagsunod sa Kanya, at pinatatawad Niya ang mga kasalanan, at batid Niya kung ano ang inyong

ginagawa, mabuti man o masama, na walang anuman ang naililihim sa Kanya at ayon dito kayo ay tutumbasan.

26. At tinatanggap ng mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo para sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha ang anumang pag-anyaya sa kanila na sila ay nagpapasailalim sa Kanya, at dinaragdagan sila mula sa Kanyang kagandahang-loob ng patnubay at doble-dobleng gantimpala. At ang mga hindi naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo ay para sa kanila sa Kabilang-Buhay ang masidhing kaparusahan.

27. At kung sinanhi lamang ng Allâh (ﷻ) na maging madali ang kabuhayan para sa Kanyang mga alipin at niluwagan ito sa kanila, ay maghihimagsik sila sa kalupaan sa pamamagitan ng pagsagawa ng kasamaan at pagmamataas, magmamalabis ang iba sa kanila laban sa iba, subali't ang Allâh (ﷻ) ay ibinababa Niya ang kanilang kabuhayan ayon sa kung ano ang nais Niya na sapat lamang para sa kanila. Katiyakan, Siya ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan at Napakahusay sa anumang ikabubuti ng Kanyang mga alipin, na '***Baseer***' – Ganap na Tagapagmasid sa Kanyang pangangasiwa sa kanilang mga kalagayan.

28. At ang Allâh (ﷻ) ang Bukod-Tanging nagbababa ng ulan mula sa kalangitan, pinagkakalooban sila ng tubig-ulan pagkatapos nilang mawalan ng pag-asa na ito ay bababa sa kanila, at ipinamamahagi Niya ang Kanyang Awa sa Kanyang mga nilikha at ipinararating Niya sa kanila ang Kanyang Biyaya, na Siya ay '***Al-Walee***' – ang Tagapangalaga na inaalagaan Niya ang Kanyang alipin sa pamamagitan ng Kanyang Kagandahang-loob at Kabutihan, na Siya ay '***Al-Hameed***' – ang Karapat-dapat ng lahat ng papuri na pinupuri sa lahat ng pagkakataon dahil sa Kanyang pangangalaga at pangangasiwa.

29. At kabilang sa Kanyang mga palatandaan na nagpapatunay sa Kanyang Kadakilaan, Kapangyarihan at Kaharian, ay nilikha Niya ang mga kalangitan at kalupaan nang walang pinaggayahan, at ganoon din ang anuman na mga nakakalat sa dalawang bagay na ito na iba't ibang gumagapang na may buhay. Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na May Kakayahan na tipunin ang Kanyang nilikha pagkatapos ng kanilang kamatayan sa Araw ng Pagtitipun-tipon kapag ito ay Kanyang ninais, na walang anumang bagay na Kanyang ninais nang hindi Niya makakayanan.

30. At ang anumang nangyari sa inyo, O kayong mga tao, na sakuna sa inyong '*Deen*' at sa inyong makamundong buhay ay dahil sa inyong nagawang mga kasalanan at kamalian, at pinatatawad sa inyo ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang karamihan sa inyong mga kasalanan at hindi Niya kayo pinaparusahan.

31. At wala kayong kakayahan, O kayong mga tao, na gapiin ang kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) sa inyo, at hindi kayo makaliligtas, at walang sinumang tagapangalaga na mangangalaga sa inyo bukod sa Allâh (ﷻ), na ipinararating Niya sa inyo ang anuman na inyong pangangailangan at wala kayong sinuman na makatutulong na ililigtas kayo sa anumang kapahamakan bukod sa Kanya.



32-33. At kabilang sa Kanyang mga palatandaan na nagpapatunay ng Kanyang malinaw na kapangyarihan at pangunguntrol ay ang mga malalaking sasakyang-pandagat na kasinlaki ng bundok na lumalayag sa karagatan. At kung nanaisin ng Allâh (ﷻ) na Siyang nagpapalayag ng mga sasakyang dagat na ito sa karagatan na patigilin ang hangin ay mananatili ang mga ito na nakatigil sa ibabaw ng karagatan at hindi lalayag.

Katiyakan, sa paglayag ng mga sasakyang-pandagat at ang pagtigil ng mga ito sa karagatan bilang kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) ay mga paalaala at mga malilinaw na katibayan sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) sa sinumang mapagtiis sa pagsunod sa Allâh (ﷻ), at nagpapasalamat sa Kanyang mga biyaya at kagandahang-loob.

34. O di kaya ay wawasakin Niya ang mga sasakyang-pandagat na ito sa pamamagitan ng paglubog ng mga ito dahil sa mga kasalanan ng mga nakasakay dito, at pinatatawad Niya pa rin ang maraming mga kasalanan at hindi na Niya pinaparusahan.

35. At upang mabatid ng mga nakikipagtalo sa kamalian hinggil sa mga palatandaan na nagpapatunay sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) na wala silang kaligtasan at wala silang tatakasan mula sa parusa ng Allâh (ﷻ), kapag sila ay pinarusahan dahil sa kanilang mga kasalanan at di-paniniwala sa Kanya.

36. At anuman ang ipinagkaloob sa inyo, O kayong mga tao, na kayamanan o di kaya ay mga anak at iba pa ay kabilang sa kasiyahan ng buhay sa daigdig, na panandalian lamang, subali't ang anumang nasa Allâh (ﷻ) na walang-hanggang kaligayahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ay mas mabuti at nananatili magpasawalang-hanggan para sa mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo at sa mga yaong ipinaubaya nila ang kanilang mga sarili sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

37. At ang mga yaong iniiwasan ang mga malalaking kasalanan na ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ) sa kanila at ang anumang mga kahalayan, kasuklam-suklan na iba't ibang kasalanan, at kapag sila ay nagalit sa sinumang nakagawa sa kanila ng masama ay pinatatawad nila ang nakagawa ng masama sa kanila, at hindi na nila ginagantihan o pinaparusahan; dahil sa kanilang paghahangad sa gantimpala ng Allâh (ﷻ) at Kanyang kapatawaran, at ito ay kabilang sa mga mabubuting pag-uugali.

38. At ang mga yaong sinunod nila ang kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha noong sila ay inanyayahan tungo sa Kanyang Kaisahan at pagsunod sa Kanya, at isinagawa nila ang obligadong pagsa-'*Salâh*' sa tamang kaparaanan at itinakdang oras para rito, at kapag nais nila ang isang bagay ay nagsasanggunian sila sa isa't isa, at mula sa anumang ipinagkaloob sa kanila na mga kayamanan ay nagbibigay sila bilang kawanggawa sa Daan ng Allâh (ﷻ), at ibinibigay nila ang anumang ipinag-utos sa kanila na karapatan ng mga may karapatan nito na obligadong kawanggawa at paggasta at sa iba pang pamamaraan na pinagkakagastahan.

39. At ang mga yaong kapag sila ay inapi at nananalo sila laban sa mga nang-api sa kanila ay hindi sila lumalampas sa kanilang karapatan, at kapag sila ay nagtiis, ang kapalit ng kanilang pagtitiis ay higit na mabuti at masaganang gantimpala.

40. At ang kabayaran ng masamang gawain ay parusa na katumbas din lamang ng kanyang nagawa na walang karagdagan, subali't ang sinumang mapagpatawad sa sinumang nakagawa ng kasalanan sa kanya at hindi na niya pinarusahan, at isinaayos na lamang niya ang magandang ugnayan sa pagitan niya at sa sinuman na kanyang pinatawad bilang paghahangad ng kanyang pakikipagharap sa Mukha ng Allâh (ﷻ), ang gantimpala ng kanyang pagpapatawad ay nasa Allâh (ﷻ). Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay hindi nagmamahal sa mga masasama na sila ay ang mga yaong gumawa ng pagmamalabis at kalupitan sa mga tao.

41. At sinuman ang kumuha ng karapatan laban sa nang-api sa kanya pagkatapos siyang apihin, siya ay walang pagkakasala.

42. Sapagka't ang pinaparusahan lamang ay yaong mga nagmamalabis na gumawa ng kasamaan sa mga tao, na lumalampas sila sa mga hangganan na ipinahintulot sa kanila ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha tungo sa bagay na walang kapahintulutan sa kanila at namiminsala sila sa kalupaan nang hindi makatarungan, para sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang masidhing kaparusahan.

43. At sinuman ang nagtiis sa masamang ginawa sa kanya at pinagtakpan na lamang niya't pinatawad, katiyakan, ito ay kabilang sa mga dakilang gawain na

pinasasalamatan at pinupuri ang gumagawa nito dahil sa ito ay ipinag-utos, at nagtakda ang Allâh (ﷻ) para rito ng masaganang gantimpala at papuri.

44. At ang sinuman na iniligaw ng Allâh (ﷻ) mula sa patnubay dahil sa kanyang kasamaan ay wala na siyang makakatagpong tutulong na aakay sa kanya tungo sa daan ng patnubay. At makikita mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga hindi naniwala sa Allâh sa Kabilang-Buhay, sa oras na makikita nila ang kaparusahan, kanilang sasabihin sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha: "*Mayroon pa ba kaming kaparaanan tungo sa pagbabalik sa daigdig*; *upang maisakatuparan namin ang pagsunod sa iyo?*" Subali't wala nang tutugon sa kanila.



45. At makikita mo, O Muhammad (ﷺ), sila na mga masasama ay ihaharap na nagsusumamo na hamak na hamak na tinitingnan nila ang Impiyerno na nasa matinding pagkatakot at pagdalamhati. At sasabihin ng mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo na sila ay nasa '*Al-Jannah*' (Hardin), kapag nakita na nila ang nangyaring pagkatalo sa mga walang pananampalataya: "*Katiyakan, ang tunay na pagkatalo ay ang mga yaong natalo ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pamilya dahil sa pagpasok nila sa Impiyerno sa Araw ng Muling Pagkabuhay*." Dapat ninyong mabatid na ang mga masasama ay nasa walang-hanggang kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na ito ay wala nang katapusan sa kanila na hindi na ito mawawalay pa sa kanila magpasa-walang-hanggan.

46. At walang magiging tagapangalaga ang mga di-naniwala kapag sila ay pinarusahan ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay na tutulong sa kanila upang iligtas sila sa parusa ng Allâh (ﷻ). At ang sinuman na ililigaw ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanyang di-paniniwala at pagiging masama, ay wala nang kaparaanan pa na magdadala sa kanya tungo sa katotohanan dito sa daigdig at sa '*Al-Jannah*' (Hardin) sa Kabilang-Buhay; dahil naharangan na sa kanya ang mga daan ng kaligtasan, at ang patnubay at pagkaligaw ay karapatan lamang ng Allâh (ﷻ) at wala nang iba.

47. Sumunod kayo sa Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O kayong mga tumatanggi, sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya at pagsunod, bago dumating sa inyo ang Araw ng Muling Pagkabuhay na kung saan hindi ninyo ito maaaring mapigilan, at wala kayong mapagkukublihan pa sa Araw na yaon upang makaligtas kayo mula sa parusa, at wala nang lugar pang mapagtataguan ninyo. At nasa talatang ito ang katibayan ng pagiging masama ang ipinagpapaliban ang anumang gawain at nandirito rin ang pag-uutos ng madaliang pagsunod sa anumang mabuting gawa na iniaalok sa isang tao, dahil ang pag-aantala ay sakit at paghaharang.

48. At kapag tumalikod sila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh sa paniniwala sa Allâh (ﷻ), O Muhammad (ﷺ), ay hindi ka Namin ipinadala bilang tagapagmatyag sa kanilang mga gawain upang kuwentahin mo ito sa kanila, kundi ang tungkulin mo lamang ay magparating ng mensahe. At kapag pinagkalooban Namin ang isang tao ng biyaya at awa mula sa Amin na katulad ng kayamanan at maluwag na pananalapi at iba pa, ay masisiyahan siya at magagalak, at kapag dumating naman sa kanila ang pagsubok na katulad ng kahirapan, sakit at iba pa dahil sa nagawa ng kanilang mga kamay na mga kasalanan sa Allâh (ﷻ), ang ganitong mga tao ay babalewalain ang biyaya at magiging mapagmataas sila at di tatanaw ng utang na loob.

49-50. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan at kalupaan at ang anumang mga nakapaloob dito, nilikha Niya ang anuman na Kanyang nais na likhain, at pinagkakalooban Niya ang sinuman na Kanyang nais sa Kanyang alipin ng anak na kababaihan at hindi anak na kalalakihan, at ganoon din, pinagkakalooban Niya ang sinuman na Kanyang nais ng anak na kalalakihan at hindi anak na kababaihan, at ipinagkakaloob din Niya sa sinuman na Kanyang nais ang anak na lalaki at babae, at ginagawa Niya ang sinuman na Kanyang nais na maging baog na hindi magkakaanak. Katiyakan, Siya ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa anuman na Kanyang nilikha, na '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa paglikha ng anuman na Kanyang nais, at Siya ang Ganap na May Kakayahan na likhain ang anuman na Kanyang nais.

51. At hindi maaari sa sinumang tao na pinagpahayagan mula sa lahi ni Âdam na makipag-usap sa kanya ang Allâh (ﷻ) kundi sa pamamagitan ng '*Wahi*' (o Rebelasyon) na ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa kanya, o di kaya ay makikipag-usap ang Allâh (ﷻ) sa kanya sa pamamagitan ng '*Hijâb*' (o harang) o sa likuran ng harang na katulad ng ginawa Niyang pakikipag-usap kay Mousã (عليه السلام), o di kaya ay magpapadala Siya ng Sugo na katulad ng pagpapababa Niya kay Anghel Jibreel (عليه السلام) tungo sa sinumang Sugo na Kanyang hinirang (mula sa tao) at ipahahayag niya (Jibreel) sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha ang kapahayagan na ipinag-utos sa kanya na ipahayag, hindi sa kung ano lamang ang kanyang nais kundi ang anumang nais ng Allâh (ﷻ) na ipahahayag niya.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ), Siya ang ``***Alee***' – Kataas-taasan sa Kanyang Sarili, mga Pangalan, mga Katangian at mga Gawain, na walang pag-aalinlangang nakukuntrol Niya ang lahat ng bagay at nagpapasailalim sa Kanya ang lahat ng nilikha, na Siya ang '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha.

Nasa talatang ito ang patunay hinggil sa katangian ng Allâh (ﷻ) na pakikipag-usap sa pamamaraan na ayon sa Kanyang kamaharlikaan at kadakilaan.



52-53. At kung paano Kami nagpahayag sa mga Propeta na nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ay ganoon din, nagpahayag din Kami sa iyo ng Qur'ân na mula sa Amin, na hindi mo batid bago nangyari ang pagkakapahayag na ito kung ano ang mga naunang mga Aklat, at hindi mo rin batid ang tunay na paniniwala at ang mga batas ng Allâh (ﷻ), subali't itinalaga Namin bilang liwanag ang Qur'ân na ito sa sangkatauhan na ginagabayan Namin sa pamamagitan nito ang sinuman na Aming nais mula sa Aming alipin tungo sa Matuwid na Landas. At katiyakang ikaw, O Muhammad (ﷺ), ay magtuturo at maggagabay sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ) tungo sa Matuwid na Landas na ito ay ang Islâm na Daan ng Allâh (ﷻ), na Siya ang Nagmamay-ari ng lahat ng nasa loob ng mga kalangitan at ang lahat ng nasa loob ng kalupaan, na wala Siyang kahati sa bagay na ito. Dapat ninyong mabatid na tungo sa Allâh (ﷻ), O kayong mga tao, magbabalik ang lahat ng hinggil sa inyo, mabuti man o masama, at tutumbasan Niya ang bawa't isa sa kanyang nagawa: kung mabuti ay mabuti rin at kung masama ay masama rin.

سورة الزخرف 43

XLIII – Sûrat Az-Zukhruf

[**Kabanata Az-Zukhruf** – Mga Palamuti]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Hâ-Mîm*. Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Dakilang Qur'ân na malinaw ang kapaliwanagan at mga kahulugan nito.

3-4. Katiyakan, ibinaba Namin ang Dakilang Qur'ân kay Muhammad (ﷺ) sa wikang '*Arabic*;' upang ito ay maintindihan ninyo, mapag-aralan ang mga kahulugan nito, at mga katibayan dito. Katiyakan, ito ay nakatala sa '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*' na nasa Amin na mataas ang antas nito at kalagayan, punung-puno ng karunungan na walang pagkakasalungatan sa nilalaman nito.

5. Tatalikuran ba Namin kayo at pababayaan na lamang Namin na di na Kami magpapababa ng Dakilang Qur'ân sa inyo, dahil sa inyong pagtalikod at hindi ninyo pagsunod, at inyong pagmamalabis sa di-paniniwala?

6-8. Karamihan sa mga Propeta na Aming ipinadala sa mga naunang panahon na nakalipas na nauna sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), at walang sinuman na dumarating sa kanila na Propeta kundi ito ay kanilang kinukutya na katulad ng pagkutya ng iyong sambayanan sa iyo, at winasak Namin ang sinumang hindi naniwala sa Aming mga Sugo, at sila noon ay mas matindi ang lakas at kapangyarihan kaysa sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), at nangyari ang pagparusa sa mga naunang henerasyon sa pamamagitan ng pagwasak; dahil sa kanilang di-paniniwala, pagmamalabis sa kasamaan, pangungutya sa kanilang mga Propeta. At dito sa kapaliwanagan na ito ang pagpapalubag-loob kay Propeta Muhammad (ﷺ).

9. At katiyakan, kapag tinanong mo, O Muhammad (ﷺ), sila na sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan, "*Sino ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan?*" Walang pag-aalinlangan na kanilang sasabihin: "*Ang naglikha ng mga ito ay ang Allâh* (ﷻ) *na* '***Al-`Azeez***' *– ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang Kaharian*, *na* '***Al-`Aleem***' *– ang Ganap na Nakaaalam sa Kanyang mga nilikha at sa anumang mga bagay na nakapaloob dito at walang anuman ang naililihim sa Kanya*."

10. Na Siyang lumikha sa inyo ng kalupaan nang palatag, at ginawa Niyang madali ito sa inyo na magkaroon ng mga daanan sa ibabaw nito para sa inyong kabuhayan at pangangalakal; upang matututunan ninyo sa pamamagitan ng mga daan na yaon ang ikabubuti ninyo patungkol sa inyong '*Deen*' (o Relihiyon) at makamundong buhay.

11. At Siya na nagbaba mula sa kalangitan ng tubig-ulan sa tamang kasukatan, na hindi bagyo na nakalulunod, na hindi naman kulang sa pangangailangan: upang ito ay maging kabuhayan ninyo at ng inyong mga inaalagaang hayop, at binubuhay Namin sa pamamagitan nitong tubig ang tuyot na kalupaan na walang tumutubo na mga pananim, kung paano Namin pinasisibol ang mga halaman at pananim sa tuyot na kalupaan sa pamamagitan ng tubig na ito na Aming ibinababa mula sa kalangitan, ay ganoon din Namin kayo palalabasin, O kayong mga tao, mula sa inyong mga libingan pagkatapos ninyong maagnas (o mabulok).

12. At Siya rin na lumikha ng lahat ng iba't ibang uri ng mga hayop at mga pananim, ay ginawa rin Niya para sa inyo ang mga sasakyang-pandagat na sinasakyan ninyo sa karagatan, at gayundin ang mga hayop na katulad ng kamelyo, kabayo at asno na siyang sinasakyan ninyo sa kapatagan.

13-14. Upang kayo ay makasakay sa mga likuran nito, at pagkatapos ay maalala ninyo ang biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha kapag kayo ay nakasakay dito, at inyong sasabihin: "*Papuri sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang lumikha nito para sa amin upang aming mapakinabangan*, *wala kaming kakayahan na gawin ito*," at sasabihin din ninyo: "*At katiyakang kami ay patutungo sa Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha pagkatapos ng aming kamatayan at walang pag-aalinlangang kami ay babalik sa Kanya.*"

Dito sa talatang ito ang paglilinaw ng Allâh (ﷻ) sa pagkakaloob Niya ng biyaya sa Kanyang alipin ng iba't ibang uri ng biyaya, na Siya lamang kung gayon ang may karapatang sambahin sa lahat ng pagkakataon.

15. Yayamang nagturing ang mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – ng kabahagi (o kaparte) ng Allâh (ﷻ) mula sa kanyang nilikha, na kanilang sinasabi na ang mga anghel ay mga anak na kababaihan ng Allâh (ﷻ). Katiyakan, ang tao ay

binabalewala ang mga biyaya na ipinagkaloob sa kanya ng Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na inilalantad niya ang kanyang pagbabalewala at pagtanggi sa Allâh (ﷻ), na ang binibilang lamang niya ay ang mga sakuna na nangyari at nakalimutan niya ang mga biyaya.

16. O di kaya ay inaangkin ba ninyo, O kayong mga mangmang, na ang Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay nagkaroon mula sa Kanyang mga nilikha ng mga anak na kababaihan samantalang kayo ay hindi ninyo ito tinatanggap sa inyong mga sarili, at binukod-tangi Niya para sa inyo ang mga anak na kalalakihan? Ito ay bilang pag-aalipusta sa kanila.

17. At kapag ang isa sa kanila ay binalitaan na ang kanyang naging batang sanggol ay babae, na ito ang itinatangi niya sa Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin bilang pagbibigay ng parabola (paghahambing), ang kanyang mukha ay mangingitim sa sama ng ibinalita sa kanya, na siya ay malulungkot na punung-puno ng pagdadalamhati. (Paano nila natatanggap na ang inaayawan nila sa kanilang mga sarili ay yaon ang itinatangi nila para sa Allâh ﷻ?) Kataas-taasan ang Allâh (ﷻ), Siya ay malayo sa anuman na sinasabi ng mga walang pananampalataya ng pagkataas-taas at pagkalayu-layo hinggil sa kanilang inangkin na kasinungalingan para sa Kanya.

18. Napakalakas ba ng inyong mga loob na itinatangi ninyo sa Allâh (ﷻ) ang sinumang inaalagaan, pinapalamutian, dinadamitan sa kagandahan (babae), samantalang siya ay hindi niya kayang linawin ang kanyang katibayan sa pagtatalo dahil sa siya ay babae?

19. Ginawa nila na mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – ang mga anghel bilang mga anak na kababaihan ng Allâh (ﷻ) samantalang sila (anghel) ay mga alipin ng Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin. Nakadalo ba sila sa paglikha ng mga ito upang sila ay maghusga na ito ay mga babae? (Gayong sa katotohanan, ang mga anghel ay hindi sakop ng kasarian!) Walang pag-aalinlangan, isusulat ang kanilang sinabi na ito ay mga babae at itatanong ito sa kanila sa Kabilang-Buhay.

20. At sinabi ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa mga Quraysh: "*Kung ninais lamang ng Allâh* (ﷻ) *na Pinakamahabagin ay hindi kami sasamba ng sinuman bukod sa Kanya*," at ito ay maling katwiran dahil walang pag-aalinlangang itinatag (itinayo) ng Allâh (ﷻ) laban sa Kanyang mga alipin sa pamamagitan ng pagkakapadala ng mga Sugo at pagkakapababa ng mga Aklat ang Kanyang katibayan, na kung kaya, ang kanilang pangangatwiran na dahil sa pagpapasiya at pagtatakda ay napakalaking kamalian pagkatapos ng pagbabala ng mga Sugo sa kanila. At wala silang tamang kaalaman hinggil sa katotohanan sa kanilang mga

pinagsasabi, kundi ang mga sinasabi lamang nila ay mga haka-haka at kasinungalingan; dahil sa wala silang katibayan mula sa Allâh (ﷻ) at wala silang anumang rebelasyon na nagmumula sa Allâh (ﷻ).

21. Nakadalo ba sila sa paglikha ng mga anghel o di kaya ay pinagkalooban ba Namin sila ng Aklat bago dumating ang Qur'ân na ipinahayag Namin sa iyo, at ito ang kanilang pinanghahawakan na sinusunod nila ang nakapaloob dito at ikinakatwiran nila laban sa iyo, O Muhammad (ﷺ)?

22. O di kaya ay kanilang sinabi: "*Katiyakan*, *natagpuan namin ang aming mga ninuno sa ganitong pamamaraan at paniniwala*, *at katiyakang kami ay sumusunod sa yapak ng aming mga magulang at ito ang aming gabay na sinusunod*."

23. At ganoon din, hindi Kami nagpadala ng Tagapagbabala na nauna sa iyo, O Muhammad (ﷺ), sa bawa't bayan na binabalaan sila hinggil sa Aming kaparusahan dahil sa hindi nila paniniwala sa Amin, na binabalaan sila hinggil sa Aming galit pagdating ng Aming kaparusahan sa kanila, kundi sinabi ng mga nasa mararangyang pamumuhay mula sa mga namumuno at kinikilala: "*Katiyakan*, *natagpuan namin ang aming mga ninuno sa ganitong paniniwala at* '*deen*' (*o relihiyon*), *at kami ay sumusunod sa kanilang yapak* (*daan*) *at pamamaraan*."

24. Sinabi ni Muhammad (ﷺ) at ang sinumang nauna sa kanya na mga Sugo sa sinumang tumanggi sa ganitong maling pangangatwiran: "*Susundin ba ninyo ang inyong mga magulang*, *kahit ang dala-dala ko sa inyo mula sa Allâh* (ﷻ) *na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay mas higit na naggagabay sa Daan ng Katotohanan at mas malinaw na katibayan sa Daan ng Patnubay kaysa anuman na natagpuan ninyo sa inyong mga ninuno na pamamaraan at paniniwala?*" Sinabi nila bilang pagmamatigas: "*Katiyakan*, *ang anuman na dala-dala ninyo sa amin ay tinatanggihan namin at hindi namin pinaniniwalaan*."

25. Na kung kaya, tinumbasan Namin ang mga taong ito na di-naniwala sa kanilang mga Sugo ng pagpaparating ng Aming parusa sa kanila na tulad ng paglamon sa kanila ng kalupaan, pagkalunod at iba pa, na kung kaya, pagmasdan mo, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang naging hantungan nila noong hindi nila pinaniwalaan ang mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang mga Sugo. At mag-ingat ang iyong sambayanan sa kanilang pananatili sa di-paniniwala, na mangyari sa kanila ang nangyari roon sa mga nauna sa kanila.

26. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), noong sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام) sa kanyang ama at sa kanyang sambayanan na sila ay sumasamba sa katulad ng sinasamba ng iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ): "*Walang pag-aalinlangan*, *ako ay walang pananagutan sa inyo sa anuman na inyong sinasamba bukod sa Allâh*."

27. Maliban sa Kanya na lumikha sa akin, dahil katiyakan, na walang pag-aalinlangan, gagabayan Niya ako sa pagsunod sa Daan ng Patnubay.

28. At ginawa ni Ibrâhim (عليه السلام) ang kataga ng Kaisahan ng Allâh (ﷻ) – '*Lâ i-lâ-ha il-lal-lâh*' (walang sinumang '*ilâh*' o diyos na sinasamba, o bukod-tanging may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi ang Allâh ﷻ) – na manatili pagkatapos niya; upang sila ay magbalik tungo sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at maniwala sa Kanyang Kaisahan, at sila ay magsisi mula sa kanilang di-paniniwala at pagsagawa ng mga kasalanan.

29. Katiyakan, pinasaya ko, O Muhammad (ﷺ), sila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan at ang kanilang mga ninuno na nauna sa kanila sa pamamagitan ng pagkakaloob sa kanila ng magandang kabuhayan, at hindi Ko minadali sa kanila ang pagpaparusa dahil sa di nila paniniwala, hanggang sa dumating sa kanila ang Qur'ân at ang Sugo na nilinaw sa kanila ang anuman na kanilang pangangailangan hinggil sa kanilang '*Deen*' o paniniwala.

30. At nang dumating sa kanila ang Qur'ân mula sa Allâh (ﷻ), kanilang sinabi: "*Itong dala-dala sa amin ng Sugo ay salamangka upang linlangin kami*, *at hindi kapahayagan na mula sa Allâh* (ﷻ), *at kami sa katunayan ay hindi naniniwala sa kanyang dala-dala na kapahayagan*."

31. At sinabi nila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh na mga Quraysh: "*Kung ang Qur'ân na ito ay tunay na mula sa Allâh*, *bakit hindi ipinahayag sa isang dakilang tao na mula sa isa sa dalawang bayan – Makkah o di kaya ay Taif – ?*"

32. Sila ba ang magbabaha-bahagi ng biyaya ng pagiging Propeta na ibinibigay nila sa sinuman na kanilang nais? Walang iba kundi Kami ang nagbabaha-bahagi sa pagitan nila ng kanilang kabuhayan dito sa buhay sa daigdig na mga kabuhayan at mga pangangailangan, at iniangat Namin ang iba na higit kaysa sa iba sa mga antas: na ito ay mayaman at ito ay mahirap, na ito ay malakas at ito ay mahina; upang ang iba sa kanila ay magiging daan sa kabuhayan ng iba. At ang awa ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), sa pagpapapasok sa kanila sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ay higit na nakabubuti sa anuman na kanilang tinatamasa na buhay na makamundo na may katapusan.

33. At kung hindi lamang ang mga tao ay magiging isang grupo sa di-paniniwala na makamundong buhay lamang ang hinahangad ay iginawa na Namin ang sinumang hindi naniniwala sa Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin ng mga bubong mula sa kanilang mga tahanan na gawa sa pilak at iginawa na rin Namin sila ng mga hagdan na kung saan sila ay iaangat.



34-35. At iginawa na (rin) Namin sila ng mga pintuan sa kanilang mga tahanan na gawa sa pilak, at iginawa na (rin) Namin sila ng mga trono na gawa sa ginto na ito ay kanilang sasandalan. Subali't ang lahat ng mga ito ay pawang kasiyahan lamang sa mundo na panandaliang kasiyahan. At ang kasiyahan sa Kabilang-Buhay ay inilaan ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), para sa mga may takot sa Kanya at hindi para sa iba.

36. At sinuman ang tatalikod sa pag-aalaala sa Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin, na ito ay sa pamamagitan ng di-pagpapahalaga sa Dakilang Qur'ân, at hindi natatakot sa Kanyang kaparusahan, at hindi sumusunod sa Kanyang gabay, ay magtatalaga Kami para sa kanya ng isang '*Shaytân*' dito sa daigdig upang magligaw sa kanya; bilang kabayaran sa kanyang pagtanggi sa pag-aalaala sa Allâh (ﷻ), at ito ay mananatiling kasama niya na ipagbabawal sa kanya ang anumang ipinahintulot at uutusan siya na gawin ang anumang ipinagbabawal.

37. At katiyakan, ang mga '*Shaytân*' ay hinaharangan nila sa Daan ng Katotohanan ang mga tumalikod sa pag-aalaala sa Allâh (ﷻ), at kanilang pinapalamutian sa kanila ang pagkaligaw, at ipinapopoot sa kanila ang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagsunod sa Kanya, at iisipin nila na mga tumalikod, dahil sa pagpapaganda sa kanila ng mga '*Shaytân*' ng anuman na kanilang ginagawa ay inaakala nilang ang kanilang kinalalagyan na pagkaligaw ay ito ang nasa katotohanan at gabay.

38. Hanggang kapag dumating sa Amin sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang sinuman na tumanggi sa pag-aalaala sa Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin at ang kanyang kasamahan na mula sa mga '*Shaytân*' para sa pagkukuwenta at pagbabayad, sasabihin ng tumalikod sa pag-aalaala sa Allâh (ﷻ) sa kanyang kasamahan na '*Shaytân*:'

"*Sana'y hinangad ko*, *na ang pagitan ko at pagitan mo ay ang layo ng agwat ng silangan at kanluran*, *napakasama mong kaibigan dahil sa iniligaw mo ako*."

39. At kailanman ay hindi magiging kapaki-pakinabang sa inyo ngayon, O kayong mga tumalikod sa pag-aalaala sa Allâh (ﷻ), ang pagsisisihan dahil sa kayo ay sumamba ng iba bukod sa Allâh sa daigdig, at walang pag-aalinlangang kayo ay magkasama sa parusa at ang inyong mga kaibigan, at bawa't isa sa inyo ay makakamtan niya ang kanyang sapat na bahagi na kaparusahan, na tulad ng inyong pagsasama sa di-paniniwala.

40. Magagawa mo bang makarinig, O Muhammad (ﷺ), ang sinumang ginawang bingi ng Allâh (ﷻ) mula sa pagdinig ng katotohanan, o di kaya ay maaari mo bang magabayan tungo sa daan ng patnubay ang sinumang binulag ng Allâh (ﷻ) ang kanyang puso upang hindi na makakita pa, o di kaya ay maaari mo bang magabayan ang sinumang nasa pagkaligaw nang malinaw na pagkaligaw mula sa katotohanan? Ito ay hindi mo na tungkulin, dahil ang tungkulin mo lamang ay iparating ang mensahe, hindi ang pagdala sa kanila sa patnubay, subali't ang Allâh (ﷻ) ay ginagabayan Niya ang sinuman na Kanyang nais at inililigaw Niya ang sinuman na Kanyang nais.

41-42. At kapag sinanhi Namin na dumating sa iyo ang kamatayan, O Muhammad (ﷺ), bago mangyari ang iyong pangingibabaw sa mga walang pananampalataya mula sa iyong sambayanan, ay walang pag-aalinlangang Kami pa rin ang gaganti sa kanila sa Kabilang-Buhay, o di kaya ay ipapakita Namin sa iyo ang ipinangako Namin sa kanila na kaparusahan na ito ay mangyayari sa kanila na tulad ng nangyari sa araw ng Labanan sa Badr, dahil katiyakang Kami ang may kakayahang pangibabawin ka laban sa kanila, at aabahin Namin sila sa pamamagitan mo at sa pamamagitan ng mga naniwala sa iyo.

43. Na kung kaya, panghawakan mo, O Muhammad (ﷺ), ang anuman na ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa iyo na nasa Dakilang Qur'ân na ipinahayag sa iyo; dahil katiyakang ikaw ay nasa Matuwid na Landas, ito ang '*Islâm*,' ang '*Deen*' ng Allâh (ﷻ) na ipinag-utos sa iyo. Ito ay bilang pagpapatatag sa Sugo ng Allâh (ﷺ) at papuri sa kanya.

44. Katiyakan, ang Qur'ân na ito ay karangalan para sa iyo at sa iyong sambayanan mula sa mga Quraysh; dahil ito ay ipinahayag sa kanilang wika, at sila ang higit na nakaiintindi nito, na kung kaya, nararapat lamang na sila ang maging pinakamatatag sa pagtatangan nito kaysa sa ibang tao at mas maging higit sila sa pagsunod sa nilalaman nito, at walang pag-aalinlangang tatanungin kayo, ikaw at ang sinuman na

iyong kasamahan hinggil sa pagtanaw ng utang na loob sa Allâh (ﷻ) at sa pagpapatupad nito.

45. Tanungin mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga tagasunod ng mga Sugo na ipinadala Namin na nauna sa iyo at ang mga tagapagdala ng kanilang mga batas: "*Nagdala ba ang kanilang mga Sugo ng Mensahe na pagsamba ng iba bukod sa Allâh na Pinakamahabagin?*" Walang pag-aalinlangang sasabihin nila sa iyo na ito ay hindi nangyari; dahil katiyakan, lahat ng mga Sugo ay nag-aanyaya tungo sa anumang pag-aanyayang ginawa mo sa mga tao na pagsamba lamang nang bukod-tangi sa Allâh (ﷻ), na wala Siyang katambal, at pinagbawalan sila na sumamba ng iba bukod sa Allâh.

46-47. At katiyakan, ipinadala Namin si Mousâ (عليه السلام) kasama ang Aming mga katibayan tungo kay Fir`âwn at sa mga matataas na kanyang sambayanan, na katulad din ng pagkapadala Namin sa iyo tungo sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan at sinabi sa kanila ni Mousâ (عليه السلام): "*Katiyakan*, *ako ay Sugo ng Allâh na* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng mga nilalang*," at nang dumating siya sa kanila na dala-dala niya ang Aming mga malilinaw na palatandaan na nagpapatotoo sa kanyang paanyaya, ay pinagtawanan ni Fir`awn at ng kanyang kasamahan ang anuman na dala-dala ni Mousâ (عليه السلام) sa kanila na mga talata at mga aral.

48. At wala Kaming ipinakita kay Fir`âwn at sa kanyang mga matataas na kasamahan na katibayan kundi mas matindi pa kaysa sa nauna na katibayan sa kanila, at mas malinaw na nagpapatunay sa anumang paanyaya ni Mousã (عليه السلام) sa kanila, at pinarusahan Namin sila ng iba't ibang parusa na katulad ng mga tipaklong, kuto, mga palaka, delubyo (baha) at iba pa; upang sila ay manumbalik mula sa kanilang di-paniniwala sa Allâh tungo sa paniniwala sa Kanyang Kaisahan at pagsunod sa Kanya.

49. At sinabi ni Fir`âwn at ng kanyang matataas na kasamahan kay Mousã (عليه السلام): "*O ikaw na salamangkero!*[57] *Idalangin mo sa Allâh na iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *dahil sa Kanyang pangako na ipinangako Niya sa iyo at sa pagtatangi Niya sa iyo ng mga katangian*, *na patigilin Niya ang parusa Niya sa amin*, *at kapag nawala na ang parusang ito sa amin ay walang pag-aalinlangang kami ay susunod at maniwala sa anumang dala-dala mo sa amin.*"

50. At nang nanalangin si Mousâ (عليه السلام) na patigilin ang parusa sa kanila at pinatigil Namin sa kanila ito ay nilinlang nila si Mousâ (عليه السلام) at nanatili sila sa kanilang pagkaligaw.

51. At nanawagan si Fir`âwn sa mga matataas na tao sa kanyang sambayanan na nagmamayabang at nagmamataas na siya ang hari ng Ehipto: "*Hindi ba ako ang hari ng Ehipto at itong mga ilog ay umaagos mula sa aking ibaba? Hindi ba ninyo nakikita ang aking kadakilaan at aking kapangyarihan*, *at ang kahinaan ni Mousâ at ang kanyang kahirapan?*

[57]Ito ang katawagan nila sa mga maalam, na ang salamangkero noong panahong yaon ay iginagalang nila at kabilang sa mga matataas sa lipunan.

52. "*Katiyakan*, *ako ay mas higit sa kanya na walang tinataglay na anumang karangalan*, *pinahihirapan niya ang kanyang sarili upang makamtan niya ang kanyang pangangailangan dahil sa kanyang kahinaan at pagiging walang halaga sa lipunan*, *at halos hindi niya maililinaw ang kanyang sasabihin dahil sa kapansanan ng kanyang dila*," at katiyakang ang nagtulak kay Fir`âwn sa ganitong mga salita ay ang di niya paniniwala, pagmamatigas at pagharang sa Daan ng Allâh.

53. "*Hindi ba dapat ay pagkalooban si Mousã* (عليه السلام) *ng Allâh* (ﷻ) *na* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng mga nilalang*, *ng mga pulseras na mga ginto kung siya ay totoong Sugo*, *o di kaya ay darating kasama niya ang mga anghel na sila ay magkakasama sa isa't isa*, *na sila ay magkakasunud-sunod na titestigo sa kanya na siya ay tunay na Sugo ng Allâh sa atin?*"

54. Sa ganito nilinlang at iniligaw ni Fir`âwn ang mga kaisipan ng kanyang sambayanan at inanyayahan sila tungo sa pagkaligaw, at sila ay sumunod sa kanya at di pinaniwalaan si Mousâ (عليه السلام). Katiyakan, sila ang mga tao na lumayo sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Matuwid na Landas.

55. At nang ginalit nila Kami (Allâh ﷻ) – dahil sa kanilang paglabag sa Amin at pagtanggi kay Mousâ (عليه السلام) at sa dala-dala niyang talata at mga katibayan – ay ginantihan Namin sila na minadali Naming iginawad ang parusa sa kanila, na kung kaya, nilunod Namin silang lahat sa karagatan.

56. At ginawa Namin sila na mga nalunod sa karagatan, na aral sa mga susunod na henerasyon sa kanila, na ang sinumang gagawa ng katulad ng ginawa nila ay karapat-dapat sa parusa, at magsilbing aral sa iba.

57. At nang inihalimbawa ng mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – si `Îsã (عليه السلام) na anak ni Maryam noong sila ay nakipagtalo kay Muhammad (ﷺ), at ikinakatwiran nila ang pagsamba ng mga Kristiyano sa kanya, ay pagmasdan, ang iyong sambayanan ay humagalpak sa tuwa lalo na noong inihayag ang salita ng Allâh (ﷻ): "*Katiyakan*, *kayo at ang iyong sinasamba bukod sa Allâh ay panggatong lamang ng Impiyernong-Apoy*, *na kung saan*, *kayo ay katiyakang ilulublob doon*." At sinabi ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh: "*Tanggap na namin na ang aming mga sinasamba ay kapantay ni `Îsã*," at doon ay ipinahayag ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang salita: "*Katiyakan*, *ang mga yaong nauna na ang pagtakda Namin sa kanila na sila ay gagabayan tungo sa kabutihan na sila* (*Propeta*) *ay ilalayo mula sa Impiyerno*, *na kung kaya*, *ang itatapon lamang sa Impiyerno mula sa mga sinasamba ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay ang mga yaong sinumang tinanggap niya ang pagsamba nila sa kanya*."

58. At sinabi ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ): "*Ang mga diyus-diyusan ba na aming sinasamba ay mas mabuti o si `Îsã na sinamba ng kanyang sambayanan*, *kung si `Îsã ay sa Impiyerno*, *maging kami kung gayon at ang aming mga sinasamba ay kasama sa kanya*," subali't hindi nila inihahalimbawa ito kundi bilang pakikipagtalo lamang, hindi ang kanilang inaakala ang siyang katotohanan, bagkus sila ay mga taong nakikipagtalo sa kamalian.

59. Si `Îsã na anak ni Maryam (عليه السلام) ay hindi hihigit sa pagiging alipin na pinagkalooban Namin ng biyaya ng pagiging Propeta, at ginawa Namin siya na tanda at aral sa mga angkan ni Isrâ`îl na magiging gabay nila ayon sa Aming kapangyarihan.

60. Kung ninais Namin ay gumawa na Kami ng kapalit ninyo (mga Propeta) na mga anghel na magsasalit-salitan sa isa't isa sa pagiging Sugo sa halip na mula sa angkan ni Âdam.

وَإِنَّهُۥ لَعِلْمٌ لِّلسَّاعَةِ فَلَا تَمْتَرُنَّ بِهَا وَاتَّبِعُونِ ۚ هَٰذَا صِرَٰطٌ
مُّسْتَقِيمٌ ﴿٦١﴾ وَلَا يَصُدَّنَّكُمُ ٱلشَّيْطَٰنُ ۖ إِنَّهُۥ لَكُمْ عَدُوٌّ مُّبِينٌ
﴿٦٢﴾ وَلَمَّا جَآءَ عِيسَىٰ بِٱلْبَيِّنَٰتِ قَالَ قَدْ جِئْتُكُم بِٱلْحِكْمَةِ
وَلِأُبَيِّنَ لَكُم بَعْضَ ٱلَّذِى تَخْتَلِفُونَ فِيهِ ۖ فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُونِ
﴿٦٣﴾ إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ رَبِّى وَرَبُّكُمْ فَٱعْبُدُوهُ ۚ هَٰذَا صِرَٰطٌ مُّسْتَقِيمٌ
﴿٦٤﴾ فَٱخْتَلَفَ ٱلْأَحْزَابُ مِنۢ بَيْنِهِمْ ۖ فَوَيْلٌ لِّلَّذِينَ ظَلَمُوا۟
مِنْ عَذَابِ يَوْمٍ أَلِيمٍ ﴿٦٥﴾ هَلْ يَنظُرُونَ إِلَّا ٱلسَّاعَةَ أَن
تَأْتِيَهُم بَغْتَةً وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ ﴿٦٦﴾ ٱلْأَخِلَّآءُ يَوْمَئِذٍ
بَعْضُهُمْ لِبَعْضٍ عَدُوٌّ إِلَّا ٱلْمُتَّقِينَ ﴿٦٧﴾ يَٰعِبَادِ لَا خَوْفٌ
عَلَيْكُمُ ٱلْيَوْمَ وَلَآ أَنتُمْ تَحْزَنُونَ ﴿٦٨﴾ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا
وَكَانُوا۟ مُسْلِمِينَ ﴿٦٩﴾ ٱدْخُلُوا۟ ٱلْجَنَّةَ أَنتُمْ وَأَزْوَٰجُكُمْ
تُحْبَرُونَ ﴿٧٠﴾ يُطَافُ عَلَيْهِم بِصِحَافٍ مِّن ذَهَبٍ وَأَكْوَابٍ ۖ
وَفِيهَا مَا تَشْتَهِيهِ ٱلْأَنفُسُ وَتَلَذُّ ٱلْأَعْيُنُ ۖ وَأَنتُمْ فِيهَا
خَٰلِدُونَ ﴿٧١﴾ وَتِلْكَ ٱلْجَنَّةُ ٱلَّتِىٓ أُورِثْتُمُوهَا بِمَا كُنتُمْ
تَعْمَلُونَ ﴿٧٢﴾ لَكُمْ فِيهَا فَٰكِهَةٌ كَثِيرَةٌ مِّنْهَا تَأْكُلُونَ ﴿٧٣﴾

61. At katiyakan, ang pagbaba ni `Îsã (عليه السلام) bago dumating ang Araw ng Muling Pagkabuhay ay tanda sa papalapit na pagdating ng Oras ng pagkagunaw ng sandaigdigan (‘*As-Sâ`ah*’), na kung kaya, huwag kayong magduda dahil ito ay tiyak na mangyayari, at sundin ninyo ako sa anumang aking ipinarating sa inyo mula sa Allâh (ﷻ), ito ang Matuwid na Landas tungo sa ‘*Al-Jannah*’ (Hardin) na walang paliku-liko at hindi lihis.

62. At huwag ninyong hayaang maharangan kayo ni ‘*Shaytân*’ sa pamamagitan ng kanyang pambubuyo mula sa pagsunod sa Akin sa anumang Aking ipinag-utos sa inyo at Aking ipinagbawal, dahil sa katunayan, siya ay malinaw ninyong kalaban.

63. At nang dumating si `Îsã (Hesus عليه السلام) sa mga angkan ni Isrâ`îl na dala-dala niya ang mga malilinaw na mga katibayan, kanyang sinabi: “*Katiyakan*, *dala ko sa inyo ang pagiging Propeta*, *at upang linawin ko sa inyo ang ilan na mga bagay na hindi ninyo pinagkakasunduan hinggil sa* ‘*Deen*’ (*o Relihiyon*), *na kung kaya*, *matakot kayo sa Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng pagsunod ninyo sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas ninyo sa Kanyang ipinagbabawal*, *at sundin ninyo ako sa anumang ipinag-utos ko sa inyo na pagkatakot sa Allâh* (ﷻ) *at pagsunod sa Kanya*.

64. “*Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ), *Siya ang aking* ‘*Rabb*’ *at inyong* ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha ng lahat! Na kung kaya*, *sambahin ninyo Siya nang bukod-tangi*, *at huwag kayong sumamba ng kahit na anumang bukod sa Kanya. Itong ipinag-utos ko sa inyo ay mula sa pagkatakot sa Allâh* (ﷻ) *at paniniwala sa Kanyang Kaisahan na ito ang Matuwid na Landas*, *at ito ang* ‘*Deen*’ *ng Allâh* (ﷻ) *na katotohanan na hindi Niya tinatanggap ang anuman maliban dito*.”

65. Subali’t nagkasalungatan ang iba’t-ibang grupo hinggil kay `Îsã (عليه السلام), at sila ay naging iba’t ibang sekta: mayroon sa kanilang naniniwala na siya ay alipin ng Allâh

at Kanyang Sugo, na ito ang katotohanan, at mayroon naman sa kanila na nag-aangking siya ay anak ng Allâh, at mayroon naman sa kanila na nagsasabing siya ay Allâh. Napakataas ng Allâh (ﷻ), Siya ay malayo hinggil sa kanilang pinagsasabing kasinungalingan nang pagkalayu-layo, na kung kaya, kapahamakan, kapighatian at masidhing parusa sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa sinumang nagtangi kay `Îsã (عليه السلام) ng iba bukod sa itinangi ng Allâh (ﷻ) sa kanya.

66. Mayroon bang hinihintay ang mga grupo na nagkakasalungatan hinggil kay `Îsã (عليه السلام) maliban sa pagkagunaw ng daigdig, na ito ay biglaang darating sa kanila samantalang ito ay hindi nila namamalayan?

67. Ang magkakaibigan sa pagkakasala sa Allâh (ﷻ) dito sa daigdig ay itatanggi nila ang isa't isa sa Araw ng Muling Pagkabuhay, subali't ang mga yaong magkakaibigan dahil sa pagkatakot sa Allâh (ﷻ), ay mananatili ang kanilang pagkakaibigan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

68. Sasabihin sa kanila na mga may takot sa Allâh (ﷻ): "*O aking mga alipin! Wala na kayong dapat na katakutan ngayon sa Aking parusa*, *at wala na kayong dapat na ipangamba sa anuman na hindi ninyo nakamtan na kabuhayan sa buhay sa daigdig*."

69-70. Ang mga yaong naniwala sa Aming mga talata at isinagawa ang anumang mensaheng dala-dala ng mga Sugo na ipinadala sa kanila, at sila ay mga Muslim – ganap na nagpapasailalim sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) na '*Rabb*' na Tagapaglikha ng mga nilalang, nang buong puso at pangangatawan nila, sasabihin sa kanila: "*Pumasok na kayo sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*), *kayo at ang inyong kaibigan na mga mananampalataya ay paliligayahin at pasasayahin*."

71. Ipalilibot sa kanila na mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga Sugo sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ang mga pagkain na nasa lalagyan na gawa sa ginto, at mga inumin na nasa mga tasa na gawa sa ginto, at nandoroon din sa '*Al-Jannah*' (Hardin) para sa kanila ang anuman na nais ng kanilang mga sarili at lahat ng mga kaaya-aya sa kanilang paningin, at sila roon ay mananatili magpasawalang-hanggan.

72. At itong '*Al-Jannah*' (Hardin) na ipinamana ng Allâh (ﷻ) sa inyo ay dahil sa inyong kinagawian na gawain sa daigdig na mga kabutihan at mga mababuting gawain, na ginawa ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang kagandahang-loob at awa bilang gantimpala sa inyo.

73. At para pa rin sa inyo sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ang napakaraming prutas na kung saan ito ay inyong kakainin hanggang sa inyong naisin.



74-76. Katiyakan, ang mga yaong nakagawa ng mga kasalanan dahil sa kanilang di-paniniwala, ay mananatili sila sa parusa sa Impiyernong-Apoy, na hindi ito pagagaanin sa kanila, at doon ay wala na silang pag-asa pa sa awa ng Allâh (ﷻ), at kailanman ay hindi Namin dinaya ang mga masasama sa pamamagitan ng pagpaparusa sa kanila, kundi sila mismo ang nandaya sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsamba nila ng iba at pagtanggi nila sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha.

77-78. At nananawagan sila na mga masasama pagkatapos silang papasukin ng Allâh (ﷻ) sa Impiyernong-Apoy kay Malik na tagapangasiwa sa Impiyerno: "*O Malik*, *ipapatay mo na kami sa iyong* '*Rabb*;' *upang makapagpahinga na kami mula sa kinalalagyan namin ngayon*," tutugunin sila ni Malik: "*Katiyakan*, *kayo ay mananatili rito magpasawalang-hanggan*, *walang sinumang makalalabas sa inyo mula rito at wala na kayong matatakasan pa mula rito*." Katiyakan, dala-dala Namin sa inyo ang katotohanan at nilinaw Namin sa inyo, subali't karamihan sa inyo ay kinamuhian ang anumang katotohanan na dala-dala ng mga Sugo.

79. O nagsagawa ba ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ng pakana sa katotohanan na dala-dala Namin? Dahil kung gayon, Kami ay nagplano rin para sa kanila ng anumang katumbas na parusa at pagpapahirap.

80. O iniisip ba nila na mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – na hindi Namin naririnig ang anumang kinikimkim nila sa kanilang mga sarili at ang anuman na kanilang pinagbubulungan sa isa't isa? Hindi ang kanilang inaakala ang siyang katotohanan, kundi ganap na naririnig Namin, ganap na nababatid Namin, at ang Aming mga Sugo na kagalang-galang na mga anghel ay isinusulat ang anuman na kanilang ginagawa.

81. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan, na nag-aangkin na ang mga anghel ay mga anak na kababaihan ng Allâh (ﷻ): "*Kung ang Allâh* (ﷻ) *na Pinakamahabagin ay mayroong anak na katulad ng inaangkin nila*, *samakatuwid*, *ako ang kauna-unahang sasamba sa kanya mula sa mga sumasamba sa Allâh* (ﷻ), *na mga tumanggi sa inyong inaangkin*, *luwalhati sa Allâh* (ﷻ) *na Siya ay malayo sa pagkakaroon ng asawa't anak.*"

82. Luwalhati at papuri sa Allâh (ﷻ) na '*Rabb*' na Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan, na '*Rabb*' na Nagmamay-ari ng dakilang '*`Arsh*,' na Siya ay Napakadakila na malayo sa anuman na kanilang itinatangi na mga kasinungalingan at pag-iimbento na Siya raw ay may anak, at bukod pa rito na mga maling pag-aangkin nila.

83. Na kung kaya, pabayaan mo sila na mga nagsisinungaling, O Muhammad (ﷺ), na magpatuloy sa kanilang mga sinasabing walang kabuluhang bagay at sa kanilang paglalaro sa makamundo, hanggang dumating sa kanila ang araw na ipinangako sa kanila na parusa, na maaaring dito sa daigdig o sa Kabilang-Buhay, o pareho.

84. Walang iba kundi ang Allâh (ﷻ), Siya lamang ang Bukod-Tangi na '*Ilâh*' – Diyos na sinasamba bilang katotohanan sa kalangitan at sa kalupaan, at Siya ay '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam at ginawa Niyang ganap ang Kanyang nilikha at gayundin ang Kanyang batas, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay hinggil sa kalagayan ng Kanyang mga nilikha na walang anumang nailalihim sa Kanya.

85. At napakasagana ng Biyaya ng Allâh (ﷻ) at napakarami ng Kanyang Kabutihan at napakadakila ng Kanyang Kaharian, na Siya ang Bukod-Tanging Tagapagmay-ari ng lahat ng pitong kalangitan at pitong kalupaan at ang anumang nasa pagitan ng mga ito, at nasa Kanya ang kaalaman hinggil sa pagkagunaw ng daigdig, na pagkatapos noon ay mangyayari ang pagkabuhay na mag-uli na titipunin ang lahat ng nilikha mula sa kanilang mga libingan tungo sa lugar na pagtitipunan at pagtutuos, at sa Kanya kayo ibabalik, O kayong mga tao, pagkatapos ng inyong kamatayan, at tutumbasan ang bawa't isa sa anumang karapat-dapat na para sa kanya.

86. At walang kakayahan ang mga yaong sinasamba ng mga '*Mushrikûn*,' na mamagitan sa Allâh (ﷻ) para sa kaninuman maliban sa sinumang tumestigo ng katotohanan at naniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa pagiging Propeta ni Muhammad (ﷺ), at sila ay batid nila ang katotohanan sa anuman na kanilang pinaniniwalaan at sinasaksihan.

87. At kapag tinanong mo, O Muhammad (ﷺ), sila na sumasamba ng iba bukod sa Allâh, mula sa iyong sambayanan, kung sino ang lumikha sa kanila? Walang pag-aalinlangang kanilang sasabihin: "*Ang Allâh ang Siyang Lumikha sa amin*." Kung gayon, paano sila bumabaligtad at tumatalikod sa pagsamba sa Allâh (ﷻ) at sumasamba sila ng iba bukod sa Kanya?

88. At sinabi ni Muhammad (ﷺ) bilang pagsusumbong sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha hinggil sa kanyang sambayanan na hindi naniwala sa kanya: "*O aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katiyakan*, *sila ay mga tao na hindi naniwala sa Iyo at sa anumang mensahe na ipinadala Mo sa akin tungo sa kanila*."

89. Na kung kaya, patawarin mo sila, O Muhammad (ﷺ), at pabayaan mo na ang kanilang pamiminsala, at walang makikita mula sa iyo kundi kapayapaan para sa kanila na sinasabi ng mga may angking talino at mababuting tao sa mga mangmang dahil sila ay hindi nila minamaliit ang mga ito at hindi tinutumbasan ang kanilang masamang gawain ng masama, dahil walang pag-aalinlangan, mababatid nila kung ano ang mangyayari sa kanila na kaparusahan. At ito ay matinding paghamon sa kanila na mga walang pananampalataya na nagmamatigas at gayundin sa mga katulad nila.

سورة الدخان 44

XLIV – Sûrat Ad-Dukhân

[**Kabanata Ad-Dukhân** – Ang Usok]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. *Hâ-Mĩm*. Ang mga titik na ito ng ‘*Arabic*’ ay nauna nang naipaliwanag sa ‘*Sûratul Baqarah*.’

2-8. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Kabanal-banalan na Qur’ân na malinaw ang salita nito at kahulugan. Katiyakan, ibinaba Namin ito sa mabiyayang gabi ng ‘*Qadr*’ na sagana sa kabutihan, na ito ay sa buwan ng Ramadhan. Katiyakan, binabalaan Namin ang tao hinggil sa kung ano ang makababuti at kung ano ang makapipinsala sa kanila, sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga Sugo at pagpapababa ng mga Aklat; upang maitatag ang katibayan ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin. Na sa gabing yaon ay idedeklara (o ihahayag) ang anumang pinagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) mula sa ‘*Al-Lawh Al-Mahfoudh*’ tungo sa mga tagapagtala na mga anghel, ang lahat ng bagay bilang pagtitiyak, na ito ay ang mga pagtatakda ng mga buhay at mga kabuhayan doon sa taon na yaon, at iba pa na mangyayari doon hanggang sa dulo ng taong (‘*year*’) yaon, at ito ay hindi na mababago pa at mapapalitan. Itong matatag na bagay na ito ay mula sa Amin, na kung kaya, ang lahat ng nangyayari na itinatakda ng Allâh (ﷻ) at Kanyang ipinapahayag ay dahil sa Kanyang kagustuhan, pagpapahintulot at kaalaman.

Katiyakan, Kami ay nagpadala sa mga tao ng mga Sugo na si Muhammad (ﷺ) at ang mga nauna pa kaysa sa kanya; bilang awa sa mga pinadalhan ng Sugo mula sa Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ). Katiyakan, Siya ay '***As-Samee***`' – ang Ganap na Nakakarinig na Naririnig Niya ang lahat ng tinig, na '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay hinggil sa Kanyang nilikha, lantad man ito o lihim, na Lumikha ng mga kalangitan, kalupaan at ang nasa pagitan nito na lahat ng mga bagay, kung kayo ay nakatitiyak sa bagay na ito ay dapat ninyong mabatid na ang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng nilalang na Siya ang '*Ilâh*' – Diyos na sinasamba, na walang sinuman ang may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa Kanya, na Bukod-Tangi na walang katambal, Siya ang nagbibigay ng buhay at nagsasanhi ng kamatayan, ang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na Siyang lumikha sa inyo at sa inyong mga ninuno na nauna kaysa sa inyo, na kung kaya, Siya lamang ang inyong sambahin at hindi ang inyong mga diyus-diyusan na walang kakayahan na magdulot ng anumang kapinsalaan ni anumang kapakinabangan.

9. Subali't sila na mga sumasamba ng iba ay nasa pag-aalinlangan hinggil sa katotohanan, na kung kaya, sila ay naglalaro at hindi sila naniwala.

10-12. Na kung kaya, hintayin mo, O Muhammad (ﷺ), para sa kanila na mga sumasamba ng iba, ang Araw na ang kalangitan ay magdadala ng mga malinaw na usok na darating ito sa lahat ng tao, na sasabihin sa kanila: "*Ito ang masidhing kaparusahan*," pagkatapos sasabihin nila bilang kahilingan na mahinto ito sa kanila: "*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Alisin Mo na sa amin ang kaparusahan*, *dahil kapag inialis Mo ito sa amin*, *kami sa katotohanan ay maniniwala na sa Iyo*."

13-14. Paano magiging aral sa kanila ito pagkatapos dumating sa kanila ang masidhing kaparusahan samantalang tunay na dumating na sa kanila ang malinaw na Sugo na ito ay si Muhammad (ﷺ) pagkatapos sila ay tumalikod at kanilang sinabi: "*Ang nagturo sa kanya ay tao na mga* '*Kahnah*' (*mga manghuhula na mga tagapagpayo*) *o di kaya ay mga* '*Shaytân*,' *na siya ay nasiraan ng bait at hindi Sugo?*"

15. Katiyakan, aalisin Namin sa kanila pansamantala ang kaparusahan, at tiyak na makikita ninyo na sila ay babalik sa dati nilang kinagawian na di-paniniwala, pagkaligaw at pagtanggi.

16. Sa Araw na paparusahan Namin ang lahat ng mga hindi naniwala nang matinding parusa sa Araw ng Muling Pagkabuhay na ito ay Araw na Aming pagtutuos sa kanila.

17. At katiyakan, sinubok Namin sila na mga nauna na mga sumasamba ng iba mula sa sambayanan ni Fir`âwn, at dumating sa kanila ang kagalang-galang na Sugo na ito ay si Mousâ (عليه السلام), subali't tinanggihan nila, na kung kaya, pinuksa sila, samakatuwid, ganoon ang gagawin Namin sa mga kalaban mo, O Muhammad (ﷺ), kung sila ay hindi maniwala.

18. At sinabi sa kanila ni Mousâ (عليه السلام): "*Hayaan ninyo na mapasaakin ang mga alipin ng Allâh na mula sa angkan ni Isrâ`il at pasamahin ninyo sila sa akin*, *upang masamba nila ang Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi at walang katambal*, *dahil katiyakang ako ay Sugo sa inyo na pinagkatiwalaan sa Rebelasyon ng Allâh* (ﷻ) *at ng Kanyang mensahe*."



19-21. "*At huwag kayong magmataas laban sa Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng pagtanggi sa Kanyang mga Sugo*, *dahil katiyakang dala-dala ko sa inyo ang malinaw na katibayan na nagpapatunay sa aking mensahe. Katiyakan*, *hinihiling ko ang kalinga ng Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *at inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha mula sa pagpatay ninyo sa akin sa pamamagitan ng pagbabato*, *at kapag hindi kayo naniwala sa akin sa anuman na dala-dala ko sa inyo na mensahe ay pabayaan na ninyo ako at huwag na ninyo akong gambalain pa.*"

22. At doon nanalangin si Mousâ (عليه السلام) sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha noong tinanggihan siya ni Fir`âwn at ng kanyang sambayanan at hindi naniwala sa kanya, na kanyang sinabi: "*Katiyakan*, *sila ay mga tao na sumasamba ng iba bukod sa Allâh na mga walang pananampalataya.*"

23. (Sinabi ng Allâh ﷻ): "*Lumisan kayo sa gabi*, *ikaw*, *O Mousã*, *at ang Aking mga alipin na naniwala at sumunod sa iyo*, *maliban sa mga hindi naniwala sa iyo*, *katiyakan*, *kayo ay susundan ni Fir`âwn at ng kanyang mga sundalo*, *na maliligtas kayo at malulunod naman si Fir`âwn at ang kanyang mga sundalo*.

24. "*At hayaan mo ang karagatan samantalang ito ay nasa banayad*, *payapa at pagkakabiyak na kalagayan*, *at panatag kayong dumaan dito*, *katiyakan*, *si Fir`âwn at ang kanyang mga sundalo ay malulunod sa karagatan*."

25-27. Gaano karami ang naiwan ni Fir`âwn at ng kanyang sambayanan pagkatapos nilang mawasak at lunurin ng Allâh (ﷻ), na mga hardin na mga luntian, at mga bukal na mga tubig na umaagos, at mga pananim at mga magagandang tahanan, at ang mga kasiyahan na kaaya-ayang kabuhayan na kung saan doon sila ay nagpapasarap.

28. Katulad ng ganitong parusa ay paparusahan din ng Allâh (ﷻ) ang sinumang hindi naniwala na tinumbasan ang biyaya ng Allâh (ﷻ) ng pagtanggi, at ipinamana Namin

ang mga biyayang yaon pagkatapos ni Fir`âwn at ng kanyang mga sambayanan sa ibang sambayanan na naiwan nila mula sa angkan ni Isrâ'il.

29. Subali't hindi man lang umiyak sa kanila ang kalangitan at ang kalupaan bilang pagdadalamhati sa nangyari kay Fir`âwn at sa kanyang sambayanan, at hindi na naantala ang parusa na nangyari sa kanila.

30. At katiyakan, iniligtas Namin ang angkan ni Isrâ`il mula sa parusa na nagpapahamak sa kanila na pagpatay ng kanilang mga anak na kalalakihan at pag-alipin sa kanilang mga kababaihan.

31. Mula sa kagagawan ni Fir`âwn, na katiyakang siya ay mapagmataas na kabilang sa mga hindi naniwala, na lumabag sa hangganan na itinakda sa pamamagitan ng pagmamataas laban sa mga alipin ng Allâh.

32. At katiyakan, pinili Namin ang mga angkan ni Isrâ`il nang higit kaysa sa ibang mga tao sa kanilang kapanahunan, na may ganap na kaalaman mula sa Amin ang pagpili sa kanila.

33. At pinagkalooban Namin sila ng mga himala at mga di-pangkaraniwang katibayan sa pamamagitan ni Mousã (ﷺ) na ang kinapapalooban nito ay pagsubok sa kanila na pagpapaluwag at paghihigpit upang palitawin kung sino ang pinatnubayan sa hindi.

34-35. Katiyakan, sila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), ay walang pag-aalinlangang sasabihin nila: "*Itong buhay na ito ay walang ibang dulo kundi ang ating kamatayan kapag tayo ay namatay*, *na ito ang una at pinakahuling kamatayan*, *at hindi na tayo bubuhayin pa na mag-uli pagkatapos ng ating kamatayan para sa pagtutuos*, *pagbibigay ng gantimpala at pagpaparusa*."

36. At sasabihin pa rin nila: "*Samakatuwid*, *ibalik mo*, *O Muhammad*, *ikaw at ang sinuman na iyong kasamahan*, *ang aming mga ninuno na mga namatay na*, *kung kayo ay totoo sa pagsasabi na ang Allâh ay bubuhayin Niya na mag-uli ang sinuman na mga nasa libingan*."

37. Sila ba na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay mas nakahihigit o ang sambayanan ni Tubba` al-Himyari na kung saan sila noon at ang iba pang mga sambayanan na nauna sa kanila ay hindi naniwala sa kanilang Tagapaglikha? Pinuksa Namin sila dahil sa kanilang pagiging masama at di paniniwala, na kung kaya, hindi

sila – na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh – ang mas nakahigit kaysa sa mga yaon para sila ay Aming patawarin at hindi Namin puksain, dahil sila ay hindi naniniwala sa Allâh (ﷻ).

38-39. At hindi Namin nilikha ang mga kalangitan, kalupaan at ang anuman na nasa pagitan nitong dalawa bilang paglalaro lamang, hindi Namin nilikha ang dalawang bagay na ito kundi bilang katotohanan na ito ang kaparaanan ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang paglikha at pangangasiwa, subali't ang karamihan na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay hindi nila ito batid, na kung kaya, hindi nila ito pinagtutuunan ng pansin; dahil hindi sila naghahangad ng gantimpala at hindi sila natatakot sa kaparusahan.



40. Katiyakan, sa Araw ng Pagpapasiya sa pagitan ng mga nilikha sa anuman na kanilang nagawa sa daigdig na mabuti man o masama ay ito ang itinakdang hahantungan nilang lahat.

41-42. Sa Araw na kung saan doon ay hindi maipagtatanggol ng kaibigan ang kanyang kaibigan, at wala nang pakikipagtulungan sa isa't isa, maliban sa sinumang kinaawaan ng Allâh (ﷻ) na mga mananampalataya, dahil katiyakang maaari siya na makapamagitan sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha pagkatapos Niya itong pahintulutan. Walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ), Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang pagpaparusa sa mga kumakalaban sa Kanya, na '***Ar-Raheem***' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Kanyang mga alipin na pinakamamahal Niya na mga sumusunod sa Kanya.

43-44. Katiyakan, ang puno ng '*Zaqqum*' na ito ay puno na sumisibol sa pinakailalim ng Impiyerno, na ang bunga nito ay pagkain ng mga sukdulan ang kasalanan, at ang pinakasukdulan sa lahat ng kasalanan ay ang '*Shirk*' – paglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh o pagsamba ng iba bukod sa Allâh.

45-46. Ang bunga ng puno ng '*Zaqqum*' ay parang lusaw na bakal na kumukulo sa tiyan ng mga sumamba ng iba bukod sa Allâh, na katulad ng pagkakakulo ng tubig na umabot sa pinakasukdulang init nito.

47. (At sasabihin:) "*Dakmain ninyo ang makasalanang ito at itulak ninyo at kaladkarin ninyo nang may pagmamalupit tungo sa kalagitnaan ng naglalagablab na Impiyernong-Apoy*," na ito ay sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

48. "*Pagkatapos ay ibuhos ninyo sa ibabaw ng ulo ng makasalanang ito ang tubig na kumukulo na sukdulan ang init nito, na kung saan, doon ay hindi na siya mawawalay pa sa kaparusahan*."

49. Sasabihin sa makasalanang ito: "*Lasapin mo ang parusa na ipinaparusa sa iyo*, *ngayon*, *dahil walang pag-aalinlangang ikaw ay makapangyarihan sa iyong sambayanan na kagalang-galang sa kanila*." Ito ay bilang matinding pag-aalipusta sa kanya.

50. "*Katiyakan*, *ang parusang ito na iginagawad sa inyo ngayon ay ito ang parusang inyong kinaugalian na pagdudahan sa daigdig at hindi ninyo pinaniwalaan!*"

51. Katiyakan, ang mga yaong may takot sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbawal sa daigdig ay nasa mapayapang kinalalagyan mula sa anumang kapinsalaan, kalungkutan at iba pa.

52. Na nasa mga Hardin at mga Ilog na umaagos,

53. Na ang kanilang kasuotan ay mula sa pino na maninipis at sa makakapal na sutla ('*silk*'), na magkakaharap sila sa isa't isa at hindi sila nagtatalikuran, na ang kanilang upuan ay umiikot at sumusunod kahit saanman sila naroroon.

54. At kung paano Namin ipinagkaloob sa kanila na mga matatakutin sa Allâh sa Kabilang-Buhay ang pagpaparangal sa pamamagitan ng pagpapapasok sa kanila sa mga Hardin ('*Al-Jannât*') at pagpapasuot sa kanila ng mga sutla na mga maninipis at mga makakapal ay ganoon din, pinarangalan din Namin sila sa pamamagitan ng pagkakaloob Namin sa kanila ng mga asawa na mga magagandang kababaihan na mga maniningning na mabibilog ang kanilang mga mata at magaganda, at hinihiling nila na mga matatakutin sa Allâh sa Hardin ('*Al-Jannah*') ang lahat ng uri ng prutas na nais nila batay sa kanilang kagustuhan, na sila ay mapayapa roon na tuluy-tuloy na wala nang katapusan.

56-58. Hindi na mararanasan pa ng mga matatakutin sa Allâh sa Hardin ('*Al-Jannah*') ang kamatayan pagkatapos ng unang kamatayan na nangyari sa kanila sa daigdig, at sila na mga matatakutin sa Allâh ay ililigtas ng Allâh (ﷻ) sa kaparusahan sa Impiyerno; bilang kagandahang-loob at kabutihan na mula sa Kanya, at itong pagkakaloob Namin sa mga matatakutin sa Allâh sa Kabilang-Buhay ng mga karangalan, ay ito ang pinakadakilang tagumpay na wala nang tagumpay na hihigit pa kaysa rito pagkatapos nito. Na kung kaya, ginawa Naming madali ang bigkas sa salita ng Dakilang Qur'ân at ang kahulugan nito sa pamamagitan ng iyong wika, O Muhammad (ﷺ); upang sila ay mapangaralan at mabigyan ng babala.

59. Na kung kaya, hintayin mo, O Muhammad (ﷺ), ang anumang ipinangako Namin sa iyo na tagumpay laban sa kanila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh at

anumang mangyari sa kanila na kaparusahan, dahil sila ay walang pag-aalinlangang nag-aabang din ng iyong kamatayan at paggapi nila sa iyo, at walang pag-aalinlangang mababatid nila kung sino ang magtatagumpay at mangingibabaw ang kanyang salita rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, ito ay katiyakang para lamang sa iyo, O Muhammad (ﷺ), at sa sinumang susunod sa iyo na mga mananampalataya.

سورة الجاثية 45

XLV – Sûrat Al-Jâthiyah

[**Kabanata Al-Jâthiyah** – Ang Paninikluhod]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. *Hâ-Mĩm* – Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Ito ang Qur'ân na ibinaba mula sa Allâh (ﷻ) na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan, na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang pagpaparusa sa sinumang kumakalaban sa Kanya, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha.

3. Katiyakan, sa mga pitong kalangitan na kung saan doon nagmumula ang pagbababa ng ulan, at sa kalupaan na kung saan dito nagmumula ang mga nilikha, ay mga katibayan at palatandaan para sa mga mananampalataya.

4. At sa paglikha sa inyo, O kayong mga tao, at sa paglikha ng anumang kumakalat sa ibabaw ng kalupaan na mga gumagalaw (gumagapang o lumalakad) na mga nilikhang bagay ay mga palatandaan at katibayan sa mga taong tiyak sa kanilang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang batas.

5. At sa pagsasalit-salitan ng gabi at araw sa inyo, at sa pagpababa ng Allâh (ﷻ) mula sa kalangitan ng ulan upang buhayin sa pamamagitan nito ang patay (tuyot) na kalupaan, at pagkatapos ito ay gagalaw sa pamamagitan ng pagsibol ng mga halaman

at mga pananim, at sa pagpabaha-bahagi ng hangin sa inyo mula sa lahat ng dako na ang pamamahagi nito ay kapaki-pakinabang sa inyo, ay walang pag-aalinlangang mga katibayan at palatandaan sa mga taong ginagamit ang kanilang kaisipan hinggil sa Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga katibayan at mga palatandaan.

6. Itong mga talata at mga katibayan na binibigkas Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ay katotohanan, na kung kaya, ano pa bang salita pagkatapos ng salita ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang mga talata at Kanyang mga katibayan na nagpapatunay ng Kanyang Kaisahan ang kanilang pinaniniwalaan at sinusunod?

7. Kapighatian o kapahamakan at matinding pagkawasak sa sinumang maraming ginawang kasinungalingan at kasalanan.

8. Na naririnig niya ang mga talata ng Aklat ng Allâh (ﷻ) na binibigkas sa kanya, pagkatapos ay patuloy pa rin siya sa kanyang di-paniniwala, pagmamataas sa kanyang sarili sa pamamagitan ng di-pagpapasailalim sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, na para bagang hindi niya narinig ang mga binibigkas na mga talata ng Allâh sa kanya. Kung gayon, ipamalita mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanya na matindi ang kasinungalingan at kasalanan, ang masidhing kaparusahan sa Impiyernong-Apoy sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

9. At kapag nabatid ng taong ito na matindi ang kasinungalingan at kasalanan, ang anuman sa mga talata ng Allâh (ﷻ) ay ituturing niya ito na may pangungutya at panlalait. Ang para sa kanila ay parusa na hahamak sa kanila at ipapahiya sila sa Araw ng Muling Pagkabuhay bilang kabayaran sa panlalait na kanilang ginawa sa Qur'ân.

10. Sa harapan nila na mga nanlalait sa Dakilang Qur'ân ay Impiyerno, at wala silang pakinabang sa anumang nakamtan nila na kayamanan at anak, at gayundin sa kanilang mga diyus-diyusan na sinamba bukod sa Allâh na itinuring nilang mga tagapangalagang kaibigan, at para sa kanila ang matindi at masidhing kaparusahan.

11. Itong Qur'ân na ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ay gabay mula sa pagkaligaw, at katibayan para sa katotohanan, na nagpapatnubay tungo sa Matuwid na Landas sa sinumang susunod at gagawa ng mga ipinag-utos nito, at ang mga yaong binalewala nila ang anumang nasa loob ng Dakilang Qur'ân na mga katibayan na nagpapatunay sa katotohanan at hindi nila pinaniniwalaan, ang para sa kanila ay parusa na pinakamasamang parusa at masidhi sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

12. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha ng karagatan para sa inyong kapakinabangan; upang maglayag ang mga sasakyang-pandagat dito sa pamamagitan ng Kanyang kagustuhan, at upang makamtan ninyo mula sa Kanyang kagandahang-loob ang inyong mga mithiin na iba't ibang uri ng kalakal at pagkakakitaan, nang sa gayon ay tumanaw kayo ng utang na loob sa Allâh (ﷻ) na inyong Tagapaglikha sa paglikha Niya nito para sa inyong kapakinabangan, at sambahin ninyo Siya nang bukod-tangi, at sundin ninyo Siya sa anumang ipinag-uutos Niya sa inyo at sa ipinagbabawal Niya sa inyo.

13. At nilikha Niya para sa inyong kapakinabangan ang lahat ng mga nasa kalangitan: ang araw, buwan at mga bituin, at ang lahat ng nasa kalupaan na mga gumagapang (o lumalakad), mga puno, mga sasakyang pantubig at iba pa, para sa inyong mga kapakinabangan.

Ang lahat ng ito ay mga biyaya na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa inyo na Bukod-Tangi na Siya lamang ang Nagkaloob nito, at pinili kayo sa pagbibigay ng kagandahang-loob na ito, na kung kaya, sambahin ninyo Siya at huwag kayong magturing ng anumang katambal sa pagsamba sa Kanya. Katiyakan, sa anumang nilikha ng Allâh (ﷻ) para sa inyong kapakinabangan ay mga palatandaan at mga katibayan na nagpapatunay sa Kanyang Kaisahan para sa mga taong nag-iisip at pinag-aaralan ang mga talata ng Allâh (ﷻ) at mga katibayan at mga palatandaan, nang sa gayon ay magiging aral ito sa kanila.



14. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang Sugo, na magpatawad sila, at pabayaan na nila ang mga yaong hindi naghahangad ng gantimpala ng Allâh, at hindi natatakot sa kaparusahan ng Allâh kapag ang mga ito ay nakagawa ng anumang pagpapahirap, pasakit at hindi kanais-nais na gawain sa mga mananampalataya sa Allâh; dahil ang Allâh (ﷻ) ang magtutumbas sa kanila na mga sumamba ng iba bukod sa Kanya, sa kanilang nagawa sa daigdig na kasalanan at mga pagpapahirap sa mga mananampalataya.

15. Sinuman ang gumawa mula sa mga alipin ng Allâh ng pagsunod sa Kanya ay para rin lamang sa kanyang sarili ang kapakinabangan ng kanyang gawain, at sino naman ang gumawa ng kasamaan sa daigdig na paglabag sa Allâh (ﷻ) ay hinamak niya ang kanyang sarili at ito ay laban lamang sa kanya mismo. Pagkatapos katiyakan, O kayong mga tao, ay tutungo sa Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha pagkatapos ng inyong kamatayan, at tutumbasan Niya ang mabuti na kanyang nagawa ng kabutihan at ang masama ng kasamaan.

16. At katiyakan, ipinagkaloob Namin sa mga angkan ni Isrâ`il ang '*Tawrah*' at ang '*Injeel*' at inutusan sila na ito ay kanilang ipatupad, at ginawa Namin na karamihan sa mga Propeta ay nagmula sa lahi ni Ibrâhim at ipinadala rin sa kanila, at pinagkalooban Namin sila ng mga mababuting kabuhayan, mga pagkain at mga bunga, at higit na mas pinili Namin sila kaysa sa ibang mga tao sa kanilang kapanahunan.

17. At ipinagkaloob Namin sa mga angkan ni Isrâ`il ang mga malilinaw na batas sa pagpapahintulot at pagbabawal, at mga palatandaan na nagpapatunay sa pagitan ng tama at kamalian, at hindi sila nagkasalungatan maliban na lamang noong pagkatapos nang dumating sa kanila ang kaalaman, at naitatag ang katibayan laban sa kanila, at nagawa nila ang ganitong kadahilanan dahil sa inggit at pagmamalabis nila sa isa't isa; sa paghahangad ng posisyon at pamumuno. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na iyong

‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), ang huhukom sa pagitan ng mga nagkasalungatan mula sa angkan ni Isrâ`il sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa anuman na hindi nila pinagkasunduan sa daigdig. Ang talatang ito ay babala sa sambayanan na ito sa paggaya nila sa paglabag ng angkan ni Isrâ`il.

18. Pagkatapos ay ginawa ka Namin, O Muhammad (ﷺ), na nasa malinaw na alituntunin ng ‘*Deen*’ (o Relihiyon), na kung kaya, sundin mo ang batas na itinala Namin para sa iyo, at huwag mong sundin ang kagustuhan ng mga mangmang na walang alam sa batas ng Allâh (ﷻ) at hindi gumagawa ng tama at hindi sumusunod sa katotohanan. Sa talatang ito ang katibayan sa pagiging ganap ng ‘*Deen*’ na ito at pag-uutos sa pagpapasailalim sa batas na ito, paglayo sa kagustuhan ng mga hindi naniniwala sa Allâh.

19. Katiyakan, sila na sumasamba ng iba bukod sa Allâh, na inaanyayahan ka nila na sumunod sa kanilang kagustuhan, kailanman ay hindi ka nila maililigtas, O Muhammad (ﷺ), sa anumang parusa ng Allâh (ﷻ) kung susundin mo ang kanilang kagustuhan, at katiyakang ang mga masasama na lumampas sa hangganan na itinakda ng Allâh (ﷻ), na mga mapagkunwari, mga Hudyo at iba pa ay nagtutulungan sila sa isa’t isa laban sa mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa mga sumusunod sa Kanya, subali’t ang Allâh (ﷻ) ang Tagapangalaga na Siyang tutulong sa mga may ‘*Taqwâ*’ – may takot sa kanilang Tagapaglikha – sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal.

20. Itong Dakilang Qur’ân na ipinahayag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ay malinaw na kapaliwanagan at katibayan sa sangkatauhan ng katotohanan mula sa kamalian, at matututunan nila na mga may tiyak na paniniwala sa katotohanang (Dakilang Qur’ân) ito ang Daan ng Patnubay, Gabay at Awa, na walang pag-aalinlangang ito ay ipinahayag mula sa Allâh (ﷻ) na Ganap na Makapangyarihan at Ganap na Maalam.

21. Subali’t iniisip ba ng mga gumawa ng kasalanan, at di-naniwala sa mga Sugo ng Allâh, at lumabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) na kanilang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, at sumamba ng iba, na ipapantay Namin sila sa mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at naniwala sa Kanyang mga Sugo na gumawa ng mga kabutihan, at naging taos-puso sila sa pagsamba sa Kanya at wala nang iba, na gagawin ba Namin silang magkakaparehas dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay? Napakasama ng kanilang ginawang paghatol sa pamamagitan ng pagpantay nila sa mga masasama at mababuti sa Kabilang-Buhay.

22. At nilikha ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan at kalupaan nang makatotohanan at makatarungan, at nang buong karunungan; upang tutumbasan Niya ang bawa’t may buhay sa Kabilang-Buhay sa anuman na kanyang nagawa, mabuti man o masama, at sila ay hindi dadayain sa kabayaran ng kanilang ginawa.


الجزء الخامس والعشرون سورة الجاثية

أَفَرَءَيْتَ مَنِ ٱتَّخَذَ إِلَٰهَهُۥ هَوَىٰهُ وَأَضَلَّهُ ٱللَّهُ عَلَىٰ عِلْمٍ وَخَتَمَ عَلَىٰ سَمْعِهِۦ
وَقَلْبِهِۦ وَجَعَلَ عَلَىٰ بَصَرِهِۦ غِشَٰوَةً فَمَن يَهْدِيهِ مِنۢ بَعْدِ ٱللَّهِ ۚ أَفَلَا
تَذَكَّرُونَ ﴿٢٣﴾ وَقَالُوا۟ مَا هِىَ إِلَّا حَيَاتُنَا ٱلدُّنْيَا نَمُوتُ وَنَحْيَا وَمَا يُهْلِكُنَآ
إِلَّا ٱلدَّهْرُ ۚ وَمَا لَهُم بِذَٰلِكَ مِنْ عِلْمٍ ۖ إِنْ هُمْ إِلَّا يَظُنُّونَ ﴿٢٤﴾ وَإِذَا تُتْلَىٰ
عَلَيْهِمْ ءَايَٰتُنَا بَيِّنَٰتٍ مَّا كَانَ حُجَّتَهُمْ إِلَّآ أَن قَالُوا۟ ٱئْتُوا۟ بِـَٔابَآئِنَآ إِن
كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٢٥﴾ قُلِ ٱللَّهُ يُحْيِيكُمْ ثُمَّ يُمِيتُكُمْ ثُمَّ يَجْمَعُكُمْ إِلَىٰ يَوْمِ
ٱلْقِيَٰمَةِ لَا رَيْبَ فِيهِ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٢٦﴾ وَلِلَّهِ مُلْكُ
ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَيَوْمَ تَقُومُ ٱلسَّاعَةُ يَوْمَئِذٍ يَخْسَرُ ٱلْمُبْطِلُونَ
﴿٢٧﴾ وَتَرَىٰ كُلَّ أُمَّةٍ جَاثِيَةً ۚ كُلُّ أُمَّةٍ تُدْعَىٰٓ إِلَىٰ كِتَٰبِهَا ٱلْيَوْمَ تُجْزَوْنَ مَا كُنتُمْ
تَعْمَلُونَ ﴿٢٨﴾ هَٰذَا كِتَٰبُنَا يَنطِقُ عَلَيْكُم بِٱلْحَقِّ ۚ إِنَّا كُنَّا نَسْتَنسِخُ
مَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٢٩﴾ فَأَمَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ
فَيُدْخِلُهُمْ رَبُّهُمْ فِى رَحْمَتِهِۦ ۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلْفَوْزُ ٱلْمُبِينُ ﴿٣٠﴾ وَأَمَّا
ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَفَلَمْ تَكُنْ ءَايَٰتِى تُتْلَىٰ عَلَيْكُمْ فَٱسْتَكْبَرْتُمْ وَكُنتُمْ قَوْمًا
مُّجْرِمِينَ ﴿٣١﴾ وَإِذَا قِيلَ إِنَّ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقٌّ وَٱلسَّاعَةُ لَا رَيْبَ فِيهَا قُلْتُم
مَّا نَدْرِى مَا ٱلسَّاعَةُ إِن نَّظُنُّ إِلَّا ظَنًّا وَمَا نَحْنُ بِمُسْتَيْقِنِينَ ﴿٣٢﴾

23. Nakikita mo ba, O Muhammad (ﷺ), siya na itinuring niya ang kanyang pagnanasa (kagustuhan) bilang kanyang diyos na sinasamba, na kapag ginusto ng kanyang pagnanasa ay agad na ginagawa niya ito, at iniligaw siya ng Allâh (ﷻ) pagkatapos makarating sa kanya ang kaalaman at maitatag ang katibayan laban sa kanya, na hindi niya pinakikinggan ang mga pagpapayo ng Allâh (ﷻ) at hindi niya ito itinuring na aral, at isinara ang kanyang puso, na kung kaya, wala na siyang maintindihan; at naglagay ng harang sa kanyang mata, na kung kaya, hindi na niya nakikita ang mga palatandaan ng Allâh (ﷻ)? At sino pa ba ang makagagabay sa kanya sa katotohanan at patnubay pagkatapos siyang iligaw ng Allâh (ﷻ)?

Hindi ba kayo nakaaalaala, O kayong mga tao, upang mabatid ninyo na ang sinuman na gawin ng Allâh (ﷻ) sa kanya ang ganito, kailanman ay wala nang sinupaman ang makagagabay sa kanya, at kailanman ay wala na siyang matatagpuan para sa kanyang sarili na magmamahal at gagabay? Ang talatang ito ang katibayan sa pagbibigay ng babala na ang sinumang mananampalataya ay hindi maaaring ang kanilang sariling kagustuhan lamang ang masusunod.

24. At sinabi nila na mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh: "*Ang buhay ay walang iba kundi ang buhay lamang natin dito sa daigdig habang tayo ay naririto at wala nang buhay maliban dito bilang pagtanggi nila sa pagkabuhay na mag-uli pagkatapos ng kamatayan*, *at walang makapagwawasak sa atin kundi panahon sa pamamagitan ng pagsasalit-salitan ng gabi at araw sa haba ng buhay*; *na tinatanggihan nila na mayroong* '*Rabb*' *na Tagapagliha na magsasanhi ng kanilang pagkawala at pagkawasak. At sila na mga* '*Mushrikûn*' *ay walang anumang kaalaman*, *kundi ang mga sinasabi nila ay mga haka-haka lamang at walang batayan*."

25. At kapag binigkas sa kanila na mga sumasamba ng iba at hindi naniniwala sa pagkabuhay na mag-uli ang mga malilinaw na mga talata ay wala silang ikakatwiran kundi pagsasabi sa Sugo na si Muhammad: "*Buhayin mo*, *ikaw at ang mga mananampalatayang kasamahan mo*, *ang aming mga ninuno na namatay na*, *kung kayo ay totoo sa inyong mga sinasabi*."

26. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), na sumasamba ng iba bukod sa Allâh at hindi naniwala sa pagkabuhay na mag-uli: "*Binigyan kayo ng Allâh* (ﷻ) *ng buhay dito sa daigdig batay sa nais Niyang buhay na para sa inyo*, *pagkatapos ay sasanhiin Niya na mamatay kayo rito*, *pagkatapos ay titipunin Niya kayong lahat na mga buhay sa Araw ng Muling Pagkabuhay na walang pag-aalinlangan. Subali't ang karamihan sa mga tao ay hindi nila batid ang katotohanan na ang Allâh* (ﷻ) *ang magbibigay sa kanila ng buhay pagkatapos ng kanilang kamatayan.*"

27. At Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang kaharian sa mga pitong kalangitan at kalupaan, ang paglikha nito, pagmamay-ari at pagiging alipin nito sa Kanya. At sa Araw na darating ang pagkagunaw ng daigdig ay bubuhayin Niya na mag-uli ang mga namatay mula sa kanilang mga libingan at sila ay papagbabayarin, at matatalo ang mga hindi naniwala sa Allâh at tinanggihan ang anumang ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Sugo na malilinaw na mga talata at malilinaw na mga palatandaan

28. At makikita mo, O Muhammad (ﷺ), sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang lahat ng tao sa iba't ibang relihiyon na naninikluhod sa kanilang mga tuhod bilang pagmamakaawa at pagkaaba, at bawa't sambayanan ay tatawagin tungo sa talaan ng kanilang mga gawain, at sasabihin sa kanila: "*Ngayon ay papagbabayarin na kayo sa anuman na inyong nagawa*, *mabuti man o masama*."

29. Itong Aming talaan ay sasabihin sa inyo ang lahat ng hinggil sa inyo nang makatotohanan na walang anumang nadagdag ni anumang nabawas. Katiyakang Kami ay nag-aatas sa mga tagapagtala na isulat ang lahat ng inyong mga kinagawian na gawin.

30. At ang mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo sa daigdig, at sumunod sa Kanyang ipinag-uutos at umiwas sa Kanyang ipinagbabawal ay papapasukin sila ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Kanyang Hardin na Paraiso sa pamamagitan ng Kanyang Awa, at ito ang pinakamalinaw na tagumpay na wala nang hihigit pa na tagumpay pagkatapos nito.

31. Subali't ang mga yaong tinanggihan ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at di-pinaniwalaan ang Kanyang mga Sugo, sasabihin sa kanila bilang pag-aalipusta: "*Di*

ba ang Aking mga talata ay binibigkas sa inyo sa daigdig, *at nagmataas kayo at hindi ninyo pinakinggan at di ito pinaniwalaan*, *at kayo ay mga tao na sumasamba ng iba bukod sa Allâh*, *gumagawa ng mga kasalanan*, *at hindi naniwala sa Kanyang gantimpala at kaparusahan?*"

32. At kapag sinabi sa inyo: "*Katiyakang ang pangako ng Allâh na bubuhayin ang tao mula sa libingan ay katotohanan at ang pagkagunaw ng daigdig ay walang pag-aalinlangan*," sinabi ninyo: "*Hindi namin alam kung kailan ang oras ng pagkagunaw ng daigdig? At hindi namin inaasahan na ito ay mangyayari kundi ito ay isang kathang-isip lamang at wala kaming kasiguruhan sa aming mga sarili na ang oras ng pagkagunaw ng daigdig ay darating*."

الجزء الخامس والعشرون
سورة الأحقاف
وَبَدَا لَهُمْ سَيِّـَٔاتُ مَا عَمِلُوا۟ وَحَاقَ بِهِم مَّا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿٣٣﴾
وَقِيلَ ٱلْيَوْمَ نَنسَىٰكُمْ كَمَا نَسِيتُمْ لِقَآءَ يَوْمِكُمْ هَٰذَا وَمَأْوَىٰكُمُ ٱلنَّارُ وَمَا
لَكُم مِّن نَّٰصِرِينَ ﴿٣٤﴾ ذَٰلِكُم بِأَنَّكُمُ ٱتَّخَذْتُمْ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ هُزُوًا وَغَرَّتْكُمُ
ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا ۚ فَٱلْيَوْمَ لَا يُخْرَجُونَ مِنْهَا وَلَا هُمْ يُسْتَعْتَبُونَ ﴿٣٥﴾
فَلِلَّهِ ٱلْحَمْدُ رَبِّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَرَبِّ ٱلْأَرْضِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٣٦﴾ وَلَهُ
ٱلْكِبْرِيَآءُ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٣٧﴾
سُورَةُ الأحقاف
بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ
حمٓ ﴿١﴾ تَنزِيلُ ٱلْكِتَٰبِ مِنَ ٱللَّهِ ٱلْعَزِيزِ ٱلْحَكِيمِ ﴿٢﴾ مَا خَلَقْنَا
ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَآ إِلَّا بِٱلْحَقِّ وَأَجَلٍ مُّسَمًّى ۚ وَٱلَّذِينَ
كَفَرُوا۟ عَمَّآ أُنذِرُوا۟ مُعْرِضُونَ ﴿٣﴾ قُلْ أَرَءَيْتُم مَّا تَدْعُونَ مِن
دُونِ ٱللَّهِ أَرُونِى مَاذَا خَلَقُوا۟ مِنَ ٱلْأَرْضِ أَمْ لَهُمْ شِرْكٌ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ ۖ
ٱئْتُونِى بِكِتَٰبٍ مِّن قَبْلِ هَٰذَآ أَوْ أَثَٰرَةٍ مِّنْ عِلْمٍ إِن كُنتُمْ
صَٰدِقِينَ ﴿٤﴾ وَمَنْ أَضَلُّ مِمَّن يَدْعُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَن
لَّا يَسْتَجِيبُ لَهُۥٓ إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ وَهُمْ عَن دُعَآئِهِمْ غَٰفِلُونَ ﴿٥﴾

33. At lumitaw na sa kanila na mga dinaniwala sa mga talata ng Allâh (ﷻ) ang anuman na kanilang kinagawian na gawin sa daigdig na mga karumal-dumal na gawain, at dumating na sa kanila mula sa Allâh (ﷻ) ang kabayaran sa anuman na kanilang ginawang pag-aalipusta.

34. At sasabihin sa kanila na mga dinaniwala: "*Ngayon ay pababayaan Namin kayo sa kaparusahan sa Impiyerno na katulad ng pagpapabaya ninyo sa paniniwala sa Allâh na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at dipaghahanda sa inyong pakikipagtagpo sa Araw na ito*, *at ang inyong hantungan ay Impiyernong-Apoy na wala na kayong mga tagatulong na tutulong sa inyo upang iligtas kayo mula sa kaparusahan ng Allâh*.

35. Itong parusa na nangyari sa inyo mula sa Allâh (ﷻ) ay dahil sa itinuring ninyo at ginawa ninyo ang mga talata ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang mga katibayan na mga katatawanan at bilang mga laruan, at nalinlang kayo ng kinang ng buhay sa daigdig, at ngayon ay hindi sila palalabasin sa Impiyerno, at hindi na rin sila ibabalik sa daigdig; upang makapagsisi at gumawa ng kabutihan.

36. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi at karapat-dapat lamang na para sa Kanya ang lahat ng papuri sa Kanyang mga biyaya na napakarami at hindi kayang bilangin para sa Kanyang mga nilikha, na Siya ang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan na nangangasiwa nito, na '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat-lahat ng mga nilalang.

37. At bukod-tangi lamang na para sa Kanya ang Kadakilaan, ang Kamaharlikaan, ang Kataas-taasan, ang Kapangyarihan, ang Kaharian, ang Kaganapan sa mga kalangitan at kalupaan, at Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang mga salita, mga gawa, pagtatakda at sa Kanyang batas, Kataas-taasan sa Kanya at Kadalisayan na walang sinuman ang may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa Kanya.

سورة الأحقاف 46

XLVI – Sûrat Al-Ahqâf

[**Kabanata Al-Ahqâf** – Mga Kurba Ng Mga Buhangin (o Mga Lambak Na Buhangin)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. *Hâ-Mĩm* – Ang mga titik na ito ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.'

2. Ang kapahayagan ng Qur'ân na ito ay mula sa Allâh (ﷻ) na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang Pangangasiwa at sa Kanyang paglikha.

3. Hindi Namin nilikha ang mga kalangitan at ang kalupaan at ang anumang nasa pagitan nitong dalawa kundi bilang katotohanan, hindi paglilibang lamang at walang kabuluhang bagay; sa halip ay upang malaman ng mga alipin ang kadakilaan ng lumikha nito upang Siya lamang ang bukod-tangi nilang sambahin, at matunghayan nila na katiyakang kaya Niyang ibalik muli ang mga tao pagkatapos ng kanilang kamatayan, at upang maisakatuparan nila ang katotohanan, katarungan sa mga pagi-pagitan nila hanggang sa pagdating ng itinakdang panahon ng katapusan nito na Siya lamang ang Ganap na Nakaaalam. Subali't ang mga yaong tinanggihan ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at tinalikuran ang Dakilang Qur'ân bilang babala sa kanila, ay hindi makapupulot ng anumang aral at hindi nila ito mapagtutuunan ng pansin.

4. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga walang pananampalataya: "*Isipin na ninyo ang lahat ng inyong mga sinasamba na mga rebulto bukod sa Allâh*, *na ipakita ninyo ang anumang bagay na kanilang nilikha mula sa kalupaan*, *o mayroon ba silang bahagi* (*o parte*) *sa paglikha ng mga kalangitan? Magpakita kayo ng aklat na mula sa Allâh* (ﷻ) *na nauna kaysa sa Dakilang Qur'ân o kahit anumang mga nalalabi na mga kaalaman*, *kung kayo ay totoo sa inyong mga inaangkin*."

5. Wala nang sinuman na hihigit pa sa pagkaligaw at kamangmangan kaysa sa mga yaong nananalangin sa iba na mga diyus-diyusan bukod sa Allâh, na kailanman ay hindi matutugunan ang kanilang panalangin; dahil sa ang mga ito ay patay o di kaya ay mga bato at mga puno, at anuman na mga katulad nito, na walang kamuwang-muwang sa panalangin ng sinumang sumasamba rito, at walang kakayahan na magbigay ng anumang kapakinabangan o di kaya ay kapinsalaan.



6. At kapag tinipon na ang mga tao sa Araw ng Muling Pagkabuhay para sa pagkukuwenta at pagbabayad ay magiging kalaban nila ang kanilang mga sinamba na mga diyus-diyusan na kanilang pinanalanginan, na isusumpa nila at itatanggi nila, at itatanggi nila ang kanilang kaalaman hinggil sa pagsamba nila sa mga ito.

7-8. At kapag binigkas sa kanila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ang Aming malilinaw na mga talata, ay sasabihin ng mga di-naniniwala kapag dumating sa kanila ang Qur'ân: "*Ito ay malinaw na salamangka*," bukod pa roon ay sasabihin pa nila na mga sumasamba ng iba: "*Katotohanan*, *inimbento ni Muhammad ang Dakilang Qur'ân.*" Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Kung ito ay aking inimbento laban sa Allâh* (ﷻ) *ay katiyakang wala kayong kakayahan na iligtas ako sa anumang kaparusahan ng Allâh* (ﷻ), *kung ako ay Kanyang paparusahan batay sa inyong inaangkin. Ang Allâh* (ﷻ) *na Luwalhati sa Kanya na Siya ang Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay hinggil sa inyong mga sinasabi sa Dakilang Qur'ân*, *sapat na ang Allâh* (ﷻ) *bilang testigo sa akin at sa inyo*, *at Siya ay* '***Al-Ghafour***' *– ang Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisisi at nagbabalik-loob sa Kanya*, *na* '***Ar-Raheem***' *– ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa Kanyang alipin na mga mananampalataya*."

9. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan: "*Hindi ako ang kauna-unahang Sugo na ipinadala ng Allâh* (ﷻ) *sa mga tao*, *at hindi ko batid kung ano ang gagawin ng Allâh* (ﷻ) *sa akin at sa inyo rito sa daigdig*, *na wala akong sinusunod sa aking pag-uutos sa inyo at sa aking ginagawa kundi kapahayagan ng Allâh* (ﷻ) *na Kanyang ipinahayag sa akin*, *at ako ay walang iba kundi tagapagbabala lamang na malinaw ang aking pagbibigay ng babala.*"

10. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh mula sa iyong sambayanan: "*Sabihin nga ninyo sa akin*, *kung ang Qur'ân na ito ay mula sa Allâh* (ﷻ) *at hindi ninyo pinaniwalaan*, *at tumestigo ang isang testigo mula sa angkan ni Isrâ`îl na katulad ni `Abdullâh Ibnu Salâm para sa Qur'ân*, *na nasa* '*Tawrah*' *ang katibayan at patotoo sa pagiging Propeta ni Muhammad*, *at kanya itong pinaniwalaan at sinunod*, *at kayo ay tumanggi bilang pagmamataas*, *kung gayon*, *di ba ito ang pinakamatinding kasamaan at di paniniwala? Katiyakan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ay di Niya ginagabayan tungo sa Islâm at sa katotohanan ang mga taong inapi nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng di nila paniniwala sa Allâh* (ﷻ)."

11. At sinabi ng mga yaong tinanggihan ang pagiging Propeta ni Muhammad (ﷺ) sa mga naniwala sa kanya: "*Kung ang inyong paniniwala kay Muhammad at sa kanyang dala-dala ay makakabuti ay hindi ninyo kami mauunahan sa paniniwalang ito*," at dahil sa sila ay hindi ginabayan tungo sa Dakilang Qur'ân ay tiyak na sasabihin nila: "*Ito ay kasinungalingan na ginaya lamang mula sa mga naunang tao*."

12. At bago pa ang Dakilang Qur'ân na ito ay nauna nang ipinahayag Namin ang '*Tawrah*' kay Mousã (عليه السلام) bilang gabay sa mga angkan ni Isrâ`îl na kanilang susundin, at awa sa sinumang naniwala at sumunod dito, at ang Dakilang Qur'ân na ito na Aming ipinahayag sa wikang '*Arabic*' ay pinatutunayan ang anumang nauna kaysa rito na mga Aklat; upang balaan ang mga yaong inapi nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng di-paniniwala at paglabag, at magandang balita sa mga yaong sumunod sa Allâh (ﷻ) at naging matuwid sa kanilang paniniwala at pagsunod, dito sa daigdig.

13. Katiyakan, ang mga yaong nagsabi: "*Ang aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay ang Allâh* (ﷻ)," pagkatapos ay nagpakatuwid sila sa kanilang paniniwala ay wala silang katatakutan sa anumang kagimbal-gimbal na pangyayari sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at wala silang dapat na ipangamba sa anuman na naiwan nila pagkatapos ng kanilang pagkamatay na makamundong kapakinabangan.

14. Sila ang mga yaong maninirahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin) na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan bilang awa ng Allâh (ﷻ) sa kanila, at dahil sa kanilang nagawang mabuting gawain habang sila ay nasa daigdig.



15. At pinapayuhan Namin ang tao na maging mabuti sa kanyang pakikitungo sa kanyang mga magulang habang ang mga ito ay nabubuhay dito sa daigdig at maging pagkatapos ng kanilang kamatayan, dahil walang pag-aalinlangang ipinagdalang-tao siya ng kanyang ina sa kanyang sinapupunan na nasa paghihirap at kapaguran, at pagkatapos ay isinilang siya na nasa paghihirap at kapaguran pa rin, at ang tagal ng pagdadalang-tao sa kanya at ang pag-aalaga sa kanya hanggang sa siya ay awatin sa pagsuso sa kanyang ina pagkatapos ng tatlumpung buwan. At sa pagbanggit sa kahirapan na dinaranas ng ina na hindi kasama ang ama, ay patunay na ang kanyang karapatan ay mas higit kaysa sa ama. Hanggang sa kapag inabot na ng tao ang tugatog ng kanyang kalakasan sa pangangatawan at kaisipan, at inabot niya ang edad na apatnapung taon, siya ay manalangin sa pagsasabi: "*O Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Ipagkaloob Mo ang kapangyarihan at kakayahan na ako ay tatanaw ng utang na loob sa Iyong biyaya na ipinagkaloob Mo sa akin at sa aking mga magulang*, *at gawin Mo ako na gagawa ng kabutihan na kalugud-lugod sa Iyo*, *at gawin Mong mabuti para sa akin ang aking pamilya*, *at katiyakang ako ay nagsisisi sa aking mga kasalanan at nagbabalik-loob sa Iyo*, *at katiyakang ako ay kabilang sa mga nagpapasailalim sa pamamagitan ng pagsunod sa Iyo na mga sumusuko sa Iyong kagustuhan na mga ipinag-uutos at mga ipinagbabawal na mga nagpapasailalim sa Iyong batas bilang Muslim*."

16. Sila ang mga yaong naging katanggap-tanggap sa Amin ang kanilang mga kabutihan, mga gawain, at pinatatawad Namin ang kanilang mga kasalanan, na sila ay kabilang sa mga maninirahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin), itong pangako na Aming ipinangako sa kanila ay pangakong katotohanan na walang pag-aalinlangan.

17. At siya naman na kanyang sinabi sa kanyang dalawang magulang noong siya ay inanyayahan tungo sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at paniniwala sa Pagkabuhay na Mag-

uli: "*Kinayayamutan ko kayong pareho*, *ipinangangako ba ninyo na ako ay bubuhayin na mag-uli mula sa aking libingan*, *at sa katunayan ay nakalipas na ang mga panahon ng mga naunang tao kaysa sa akin*, *at sila ay naglaho na at wala namang nabuhay mula sa kanila na kahit isa?*" Samantalang ang kanyang mga magulang ay hinihiling sa Allâh (ﷻ) na siya ay gabayan, na kanilang sinasabing dalawa sa kanya: "*Kapighatian sa iyo*, *maniwala ka at sumunod at gumawa ka ng mabuti*, *dahil walang pag-aalinlangang ang pangako ng Allâh* (ﷻ) *na Pagkabuhay na Mag-uli ay katotohanan at walang pag-aalinlangan ang hinggil dito*," at kanyang sasabihin sa dalawa: "*Ang inyong mga sinasabi ay walang iba kundi mga alamat lamang na walang katotohanan na nagmula sa mga naunang tao*, *na inyong ginaya sa kanilang mga aklat*."

18. Sila ang mga yaong ganito ang kanilang katangian, ay nararapat sa kanila ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ), na tiyak na mangyayari sa kanila ang parusa at galit, na sila ay kabilang sa mga yaong nauna sa kanila na mga '*Jinn*' at mga tao na di-naniwala at tumanggi, katiyakan sila ay mga talunan, dahil sa ipinagpalit nila ang katotohanan sa pagkaligaw at ang kaligayahan sa kaparusahan.

19. At bawa't grupo sa kanila na mga mababuti at mga masasama ay mayroon silang kalalagyan sa Allâh (ﷻ); dahil sa kanilang mga gawain na ginawa sa daigdig at bawa't grupo ay batay sa kung ano ang karapat-dapat na kanyang paglagyan; upang ipamalas ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang kabayaran sa kanilang mga gawain at sila ay hindi dadayain na madaragdagan ang kanilang kasamaan at mababawasan ang kanilang kabutihan.

20. At sa Araw na ilalantad ang mga walang pananampalataya sa Impiyernong-Apoy upang parusahan at sasabihin sa kanila bilang pag-aalipusta: "*Katiyakan*, *naubos na ninyo ang kabutihan at kagandahan sa buhay ninyo sa daigdig at nakapagsaya na kayo*, *kung kaya*, *ngayon ay papagbabayarin kayo ng kahamak-hamak na parusa sa Impiyernong-Apoy*; *dahil sa inyong pagmamataas sa kalupaan nang wala kayong karapatan at dahil sa inyong paglabag at di-pagsunod sa Allâh* (ﷻ)."



21. At ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), ang hinggil sa Propeta ng Allâh na si Hûd (عليه السلام) na kalahi ni `Ad, noong binalaan niya ang kanyang sambayanan hinggil sa pagdating ng parusa ng Allâh (سبحانه وتعالى) sa kanila habang sila ay nasa kanilang mga tahanan na tinatawag na '*Ahqâf*' – na maraming mga kurba ng mga buhangin (o mga lambak na buhangin) na malapit o abot-tanaw ang dalampasigan na nasa dakong timog na bahagi ng peninsula ng Arabya, at nakalipas na ang panahon ng mga Sugo na nagbabala sa kanila bago pa kay Hûd at gayundin pagkatapos ni Hûd (عليه السلام): "*Na huwag kayong sumamba ng anuman na itatambal ninyo sa inyong pagsamba sa Allâh* (سبحانه وتعالى), *dahil walang pag-aalinlangan*, *ako ay natatakot na mangyari sa inyo ang parusa ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *sa kagimbal-gimbal na Araw*, *na ito ay Araw ng Muling Pagkabuhay*."

22. Kanilang sinabi: "*Dumating ka ba sa amin para linlangin kami*; *nang sa gayon ay itigil namin ang aming pagsamba sa aming mga diyus-diyusan? Ipakita mo ang parusang ipinangako mo sa amin kung ikaw ay totoo sa iyong sinasabi at pangako*."

23. Sinabi ni Hûd (عليه السلام) sa kanila: "*Katiyakan*, *ang kaalaman hinggil sa panahon ng pagdating ng ipinangako ko sa inyong parusa ay bukod-tanging nasa Allâh* (سبحانه وتعالى) *lamang*, *at ako ay Sugo lamang ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *sa inyo*, *na ipinararating ko sa inyo ang mensahe na ipinadala sa akin*, *subali't nakikita ko na kayo ay mga taong mga mangmang dahil sa inyong pagmamadali na igawad sa inyo ang parusa*, *at sa inyong katapangan laban sa Allâh* (سبحانه وتعالى)."

24. At noong makita nila ang parusa na kanilang ipinamamadali na nakalantad sa kanila sa kalangitan na paparating sa kanilang mga lambak, kanilang sinabi: "*Ito ay makakapal na ulap lamang na nagdadala sa atin ng ulan*," at sinabi sa kanila ni Hûd (عليه السلام): "*Ang nakalantad na di-nakikita kung ano ang nilalaman nito ay hindi ulan at awa na tulad ng inyong iniisip*, *kundi ito ay isang kaparusahan na ipinamamadali ninyo*, *na ito ay hangin na kalakip nito ang masidhing kaparusahan.*"

25. Na wawasakin nito ang lahat ng bagay na madaraanan nito, na ito ay ipinadala bilang kautusan ng kanyang (hangin) '*Rabb*' na Tagapaglikha at sa Kanyang kagustuhan, na kung kaya, sila ay wala nang makikita na anuman mula sa kanilang bayan kundi ang kanilang mga tahanan na lamang na kung saan (minsa'y) doon sila nanirahan, ang ganitong pagtutumbas ay bilang kabayaran sa mga masasamang tao; dahil sa kanilang kasamaan at sukdulang pagtanggi!

26. At katiyakan, ginawa Naming madali para sa sambayanan ni `Ad ang mga bagay upang maitatag nila nang ganap ang kanilang mga sarili rito sa kalupaan sa kaparaanan na hindi ipinagkaloob sa inyo, O kayong mga walang pananampalataya na mga Quraysh, at ginawan Namin sila ng kanilang mga pandinig upang sila ay makarinig, at mga paningin upang sila ay makakita, at mga puso upang sila ay makaintindi, subali't ang mga ito ay kanilang ginamit sa ikamumuhi ng Allâh (ﷻ) sa kanila, na kung kaya, ito ay hindi nakapagbigay ng anumang kapakinabangan sa kanila noong tinanggihan nila ang mga katibayan ng Allâh (ﷻ), at dumating sa kanila ang parusa na kanilang inaalipusta at ipinamamadali nila. Ito ay babala mula sa Allâh (ﷻ) na Pinakadakila, na binabalaan ang mga walang pananampalataya.

27. At katiyakan, winasak Namin ang mga bayan na nasa inyong kapaligiran, O kayong mga taga-Makkah na katulad ng bayan nina `Âd at Thamoud, at ginawa Namin ang mga ito na bayang iniwan (o nilisan) o wala nang naninirahan (o '*ghost town*') at nilinaw Namin sa kanila ang iba't ibang uri ng mga katibayan at mga palatandaan; upang sila ay manumbalik mula sa kanilang di-paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga talata.

28. Subali't nakatulong ba sa kanila na mga winasak mula sa mga naunang sambayanan, ang kanilang mga diyus-diyusan na kanilang sinamba sa kanilang kaparaanan na ginawa; upang sila ay mapalapit sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' bilang pagtatambal; na inaakala nilang ito ay mamagitan sa kanila, o ang kanilang mga diyus-diyusan ay lubusang naglaho at hindi natugunan ang kanilang kahilingan at hindi sila naipagtanggol, at ito ang kanilang kamalian, at kinasanayan na pag-imbento sa pamamagitan ng pagsamba sa kanilang mga ginawang diyus-diyusan.



29. At ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), noong ipinadala Namin sa iyo, ang grupo ng mga '*Jinn*' na nakinig sila sa iyo ng Dakilang Qur'ân, at nang sila ay dumalo, habang ang Sugo ng Allâh ay nagbabasa ng Qur'ân, sinabi nila sa isa't isa: "*Huwag kayong maingay upang marinig ninyo ang Dakilang Qur'ân*," at nang matapos na ang Sugo ng Allâh sa kanyang pagbigkas ng Dakilang Qur'ân, at naunawaan nila ito at naramdaman nila ito sa kanilang mga kalooban, sila ay bumalik sa kanilang sambayanan upang balaan at takutin sila mula sa galit ng Allâh (ﷻ) kung sila ay hindi maniniwala sa Kanya (Allâh ﷻ).

30. Kanilang sinabi: "*O aming sambayanan! Katiyakan*, *narinig namin ang Aklat na ipinahayag pagkatapos ni Mousã* (عليه السلام), *na pinatutunayan nito ang mga naunang Aklat ng Allâh* (ﷻ) *na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga Sugo*, *na naggagabay tungo sa katotohanan*, *at tungo sa Matuwid at Tamang Landas.*"

31. O aming sambayanan! Tugunin ninyo ang Sugo ng Allâh na si Muhammad (ﷺ) tungo sa kanyang iniaanyaya sa inyo, at paniwalaan ninyo siya sa kanyang dala-dala sa inyo na mensahe, upang patawarin kayo ng Allâh (ﷻ) sa inyong mga kasalanan at iligtas kayo mula sa masidhing kaparusahan.

32. At ang sinumang hindi tumugon sa Sugo ng Allâh tungo sa kanyang paanyaya ay hindi niya magagapi ang Allâh (ﷻ) dito sa kalupaan kung nais Niya siyang parusahan, at wala siyang anumang tagapangalaga bukod sa Allâh upang siya ay iligtas mula sa Kanyang parusa. Ang mga yaong katulad niya ay nasa malinaw na paglayo mula sa katotohanan.

33. Naging abala ba sila at hindi nila nabatid na ang Allâh (ﷻ) na Siyang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan na wala Siyang pinaggayahan, at hindi naging mahirap

para sa Kanya at wala Siyang kapaguran sa paglikha Niya ng mga ito, ay Siya rin kung gayon ang tunay at ganap na may kakayahan na buhayin na mag-uli ang mga namatay na Kanyang nilikha noon sa unang pagkakataon?

Walang pag-aalinlangan, ito ay napakadali para sa Allâh (ﷻ) na Siyang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan na May Kakayahang gawin ang lahat ng bagay.

34. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay ilalantad ang mga walang pananampalataya sa Impiyernong-Apoy upang parusahan, at sasabihin sa kanila: "*Hindi ba totoo ang parusang ito?*" Sasagot sila, na kanilang sasabihin: "*Oo nga*, *katotohanan*, *O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha!*" At sasabihin sa kanila: "*Lasapin ninyo ang parusa dahil sa inyong kinasanayan na pagtanggi at di-paniniwala sa daigdig*."

35. Tiisin mo, O Muhammad (ﷺ), ang anumang mga pasakit na nangyari sa iyo mula sa iyong sambayanan na di-naniniwala sa iyo, na katulad ng pagtiis ng mga matatag na Sugo na nauna sa iyo – na sila ay si Nûh (عليه السلام), si Ibrâhim (عليه السلام), si Mousã (عليه السلام) at si `Îsã (عليه السلام) na ikaw ay kabilang sa kanila – at huwag mong madaliin ang parusa sa iyong sambayanan, dahil kapag ito ay nangyari at nakita nila ay para bagang sila ay hindi nanatili sa daigdig kundi isang oras lamang ng isang araw, na ito ay babala sa kanila at sa iba. At walang mapapahamak sa parusa ng Allâh (ﷻ) maliban sa mga yaong mga tao na lumabag sa Kanyang kagustuhan at sa pagsunod sa Kanya.

سورة محـــمـــد 47

XLVII – Sûrat Muhammad

[**Kabanata Muhammad** – (Si Propeta) Muhammad ﷺ]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Ang mga yaong hindi naniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), at pinigilan nila ang tao hinggil sa Kanyang '*Deen*' (o Relihiyon), ay sasanhiin ng Allâh (ﷻ) na magiging walang saysay ang kanilang mga gawain, at sila ay magiging sawimpalad dahil dito.

2. At ang mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang batas at naniwala sa Kanyang Aklat na Kanyang ipinahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ), at ito ay katotohanan na walang pag-aalinlangan na mula sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha – aalisin Niya mula sa kanila ang mga masama nilang nagawa at hindi na sila paparusahan pa, at itutuwid ang buhay nila rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

3. Ang kadahilanan ng pagkaligaw at patnubay, ay ang mga yaong di-naniwala ay sumunod sila kay '*Shaytân*' at ito ang kanilang pinaniwalaan, samantalang ang mga yaong naniwala naman, ang sinunod nila ay ang Sugo ng Allâh at ang anuman na kanyang dala-dala na Liwanag at Patnubay, at kung paano nilinaw ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang ginawa sa dalawang grupo: ang mga walang pananampalataya at ang mga mananampalataya, at kung anuman ang naging karapat-dapat sa kanila ay ganoon Siya nagbibigay ng mga halimbawa sa mga tao, na kung kaya, mangyayari sa sinumang tao ang katulad ng

mga halimbawang ito ang kung anuman ang angkop at karapat-dapat na para sa kanila.

4-6. At kapag nakatagpo ninyo, O kayong mga mananampalataya, ang mga yaong di-naniwala sa labanan ay maging totoo kayo sa pakikipaglaban sa kanila, at tagain ninyo ang kanilang mga leeg, hanggang kapag napahina na ninyo sila dahil sa rami ng namatay sa kanila at nawasak na ninyo ang kanilang lakas ay pagtibayin naman ninyo ang inyong pagtali sa inyong mga bihag; na maaaring pagkalooban ninyo sila ng kagandahang-loob sa pamamagitan ng pagpapakawala o pagpapalaya sa kanila na walang kapalit, o di kaya ay tutubusin nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang yaman o iba pa, o di kaya sila ay gagawing alipin, o di kaya sila ay hatulan ng kamatayan; at manatili kayo sa gayong kalagayan hanggang matapos ang labanan. Gayon ang batas na nabanggit kapag dumating ang pagsubok sa mga mananampalataya mula sa kanilang kalaban na mga walang pananampalataya, at pagsasalit-salitan ng mga panahon sa pagitan nila (pagkatalo at pagkapanalo), at kung nanaisin ng Allâh (ﷻ) ay mananalo ang mga mananampalataya laban sa mga walang pananampalataya nang wala nang labanan, subali't ninais ng Allâh (ﷻ) na ang parusa sa kanila ay maganap sa pamamagitan ng inyong mga kamay, na kung kaya, ipinag-utos Niya ang '*Jihâd*' – pagpupunyagi sa Daan ng Allâh o pakikipaglaban sa mga kumakalaban sa Allâh (ﷻ); upang subukin kayo, at mangingibabaw sa pamamagitan ninyo ang Kanyang '*Deen*' (o Relihiyon). At ang mga yaong namatay sa Daan ng Allâh na mga mananampalataya ay hindi babalewalain ng Allâh (ﷻ) ang gantimpala sa kanilang mga gawain, at gagabayan sila tungo sa pagsunod sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at sa mga gawaing kalugud-lugod sa Kanya, at itutuwid sila rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at papapasukin sila sa '*Al-Jannah*' (Hardin) na siyang nilinaw at ipinakilala sa kanila.

7. O kayong mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang Sugo, kung tutulungan ninyo ang '*Deen*' ng Allâh sa pakikipaglaban sa Daan ng Allâh sa mga kumakalaban ng Islâm, pagpapatupad ng Kanyang batas, pagsunod sa Kanyang mga kautusan at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal, ay tutulungan kayo ng Allâh (ﷻ) laban sa inyong kalaban, at patatatagin ang inyong mga paa sa pakikipaglaban.

8-9. At ang mga walang pananampalataya ay pagkawasak ang para sa kanila, pawawalan ng saysay ng Allâh (ﷻ) ang gantimpala ng kanilang mga mabuting gawain; dahil sa kinamuhian nila ang Aklat ng Allâh (ﷻ) na ipinahayag sa Kanyang Propeta na si Muhammad (ﷺ), at di nila pinaniwalaan, na kung kaya, naging walang kabuluhan ang kanilang gawain na ito ay kanilang ginawa upang sundin si '*Shaytân*.'

10. Hindi ba sila naglakbay na mga walang pananampalataya sa kalupaan ng Allâh (ﷻ) upang maging aral sa kanila ang nangyaring kaparusahan sa mga naunang sambayanan na hindi naniwala? Winasak ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga tahanan, at para sa mga walang pananampalataya ay gayundin ang kanilang kahihinatnan.

11. Ganito ang Aming ginawa sa dalawang grupo: grupo ng mga naniwala at grupo ng di-naniwala; sa kadahilanang ang Allâh (ﷻ) ang Tagapagtaguyod, nagmamahal, tumutulong sa mga mananampalataya, samantalang ang mga walang pananampalataya naman ay walang nagmamahal at tumutulong sa kanila.



12. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay papapasukin Niya ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at gumawa ng mga kabutihan sa mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno bilang parangal sa kanila, at ang katumbas ng mga yaong hindi naniwala na nagpakasaya lamang dito sa daigdig at walang ginawa kundi kumain ay katulad sila ng mga hayop na wala silang anumang hangarin kundi kumain at magpakasaya, at ang Impiyernong-Apoy ang kanilang patutunguhan.

13. At maraming bayan ang mas matindi pa ang kanilang kapangyarihan kaysa sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), na nakatira sa Makkah, na kung saan, pinalayas ka nila mula roon, subali't winasak pa rin Namin sila ng iba't ibang parusa at walang sinuman ang naging katulong nila upang tulungan na iligtas sila mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

14. At siya ba na nasa malinaw na katibayan mula sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at nasa kaalaman hinggil sa Kanyang Kaisahan, ay magiging katulad ba ng sinumang pinaganda sa kanya ni '*Shaytân*' ang kanyang masamang gawain at sinunod niya ang anumang nais ng kanyang sarili na paglabag sa Allâh (ﷻ) at pagsamba ng iba na wala namang anumang katibayan? Hindi sila magkatulad!

15. Ang katangian ng '*Al-Jannah*' (Hardin) na ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa mga matatakutin sa Kanya: nandoroon ang mga malalawak na ilog-tabang na tubig na hindi nabubulok, at mga ilog ng gatas na hindi napapanis at hindi nababago ang lasa nito, at mga ilog ng alak na napakasarap sa mga umiinom nito, at mga ilog ng pulot-pukyutan na napakalinaw at puro, at para pa rin sa mga matatakutin sa Allâh sa Hardin ay ang lahat ng mga bunga ng iba't ibang prutas at iba pa, higit pa rito ay ang pagpapatawad sa kanilang mga kasalanan, na kung kaya, siya ba na nasa ganitong uri ng Hardin ay magiging katulad ba ng sinumang nasa Impiyerno na hindi na

makalalabas pa, na sila ay paiinumin ng napakainit na tubig na dahil sa tindi ng init nito ay magkakahiwa-hiwalay ang kanilang mga bituka?

16. At kabilang sa kanila ang mga mapagkunwari na nakikinig sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na hindi naman iniintindi ang kanilang naririnig; bilang pagmamaliit at pag-aalipusta nila sa iyo, hanggang sa kapag nakaalis sila mula sa iyong pinagtipunan ay sasabihin nila sa sinumang nakadalo ng pagpupulong na mga may kaalaman sa Aklat ng Allâh (ﷻ) bilang pangungutya: "*Ano ba ang sinabi ni Muhammad ngayon?*" Sila ang mga yaong isinara ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso, na kung kaya, hindi na nila maiintindihan ang katotohanan, at di na sila magagabayan tungo rito dahil ang sinunod nila ay ang kanilang mga sariling kagustuhan sa di paniniwala at pagkaligaw.

17. At ang mga yaong ginabayan sa pagsunod ng katotohanan ay dinaragdagan pa sila ng Allâh (ﷻ) ng gabay, na kung kaya, nagiging matatag sila sa kanilang patnubay, at ginabayan sila sa pagkatakot sa Allâh (ﷻ) at ito ay naging madali sa kanila.

18. Walang inaabangan ang mga walang pananampalataya kundi ang pagkagunaw ng daigdig na ipinangako sa kanila na ito ay darating nang biglaan, at katiyakan, lumitaw na ang mga palatandaan nito subali't hindi pa rin naging kapaki-pakinabang sa kanila, na kung kaya, ano pa ang halaga ng kanilang pag-alaala kapag dumating na sa kanila ang pagkagunaw ng daigdig?

19. Dapat mong mabatid, O Muhammad (ﷺ), na walang sinuman ang may karapatan at karapat-dapat na sambahin kundi ang Allâh (ﷻ), at humingi ka sa Kanya ng kapatawaran sa iyong kasalanan at ihingi mo rin ng kapatawaran ang mga mananampalatayang kababaihan at mga kalalakihan. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakaaalam kung ano ang inyong ikinikilos habang kayo ay nagigising sa araw at ang inyong lugar na pinagpapahingahan sa inyong mga tahanan kapag kayo ay natutulog sa gabi.



20-21. At sinasabi ng mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo: "*Bakit hindi nagbaba ang Allâh* (ﷻ) *ng isang kabanata upang utusan kami na makikipaglaban sa mga walang pananampalataya*," at kapag naibaba ang isang kabanata na malinaw at ganap ang pagpapaliwanag nito na nasasaad doon ang mga pag-uutos hinggil sa pakikipaglaban, ay makikita mo ang mga yaong may pagdududa sa kanilang mga puso hinggil sa '*Deen*' ng Allâh (ﷻ) at may pagkukunwari na nakatitig sila sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na titig na parang nahihilo dahil sa pagkatakot na mamatay.

Subali't mas makababuti sa kanila na may mga sakit ang kanilang mga puso mula sa pagkukunwari na sumunod sa Allâh (ﷻ), at sasabihin lamang nila ang kung ano ang talagang sang-ayon sa batas, at kapag ipinag-utos na ang pakikipaglaban at dumating na ang utos ng Allâh (ﷻ) na pagiging obligado nito ay kinamumuhian nila ito na mga mapagkunwari, gayong kung naniwala lamang sila sa Allâh (ﷻ) ng tunay na paniniwala sa pamamagitan ng pagsagawa ng kabutihan ay ito ang mas nakababuti para sa kanila kaysa sa pagsagawa ng kasalanan at paglabag.

22. At maaari ba kung sakali, na kaya ninyong talikuran ang Aklat ng Allâh at ang '*Sunnah*' ng Kanyang Propeta na si Muhammad (ﷺ), na lalabagin ninyo ang Allâh (ﷻ) dito sa kalupaan at di kayo maniwala sa Kanya, at magkalat kayo ng kapinsalaan sa kalupaan, at putulin ninyo ang inyong ugnayang magkamag-anak?

23. Ang mga katulad nila ang inilayo ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang awa, at ginawa silang mga bingi at binulag ang kanilang pananaw sa anumang kapaki-pakinabang sa kanila, at hindi nila naintindihan ang mga katibayan ng Allâh (ﷻ) na napakarami.

24. Hindi ba sinusuri ng mga mapagkunwari ang mga pagpapayo ng Dakilang Qur'ân at pag-isipan ang mga katibayan nito? Hindi nga, dahil ang kanilang mga puso ay nakasara na hindi rito nakakarating ang anumang bagay na mula sa Qur'ân, na kung

kaya, hindi nila napagtanto ang mga pagpapayo ng Dakilang Qur'ân at ang mga aral nito.

25. Katiyakan, ang mga yaong tumalikod sa patnubay at paniniwala, at nagbalik sila sa di paniniwala sa Allâh pagkatapos na naging malinaw sa kanila ang katotohanan, ay ang '*Shaytân*' ang siyang nagpalamuti sa kanila ng kanilang kamalian at pinaasam sa kanila ang huwad na pag-asa bilang panlilinlang.

26. Itong pagluluwag sa kanila upang sila ay magpatuloy sa di-paniniwala; ay dahil sa sinabi nila sa mga Hudyo na kung saan kinamuhian ng mga ito ang ipinahayag ng Allâh (ﷻ): "*Walang pag-aalinlangan*, *susunod kami sa inyo sa ilang bagay na labag sa ipinag-utos ng Allâh at ng Kanyang Sugo*," at ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakaaalam kung ano ang kanilang kinikimkim at itinatago, na kung kaya, maging maingat ang sinumang Muslim sa pagsunod sa iba bukod sa Allâh sa bagay na labag sa ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) at ipinag-utos ng Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ).

27. Ano kaya ang mangyayari sa kanila kapag hinablot na ng mga anghel ang kanilang mga kaluluwa sa oras ng kanilang kamatayan habang hinahampas ang kanilang mga mukha at pinapalo ang kanilang mga likuran?

28. Itong parusa na naging karapat-dapat at nangyari sa kanila ay dahil sa ang sinunod nila ay ang anumang kinamumuhian ng Allâh (ﷻ) na pagsunod sa kagustuhan ni '*Shaytân*,' at kinamuhian nila ang anumang kalugud-lugod sa Allâh (ﷻ) na para sa kanila na mabuting gawain, at kabilang dito sa kinamuhian nila ay ang pakikipaglaban sa mga di-naniwala na kalaban ng Allâh pagkatapos itong ipag-utos sa kanila, na kung kaya, inalisan ng Allâh (ﷻ) ng saysay ang gantimpala ng kanilang gawain na kawanggagawa, pagpatibay ng ugnayang magkakamag-anak at iba pa.

29. O iniisip ba ng mga mapagkunwari na hindi ilalantad ng Allâh (ﷻ) ang anumang nasa kanilang mga puso na pagkainggit at panibugho sa Islâm at sa mga sumusunod nito? Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan, kundi ang Allâh (ﷻ) ay paghihiwalayin Niya ang katotohanan at kasinungalingan.


وَلَوْ نَشَآءُ لَأَرَيْنَٰكَهُمْ فَلَعَرَفْتَهُم بِسِيمَٰهُمْ ۚ وَلَتَعْرِفَنَّهُمْ فِى
لَحْنِ ٱلْقَوْلِ ۚ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ أَعْمَٰلَكُمْ ﴿٣٠﴾ وَلَنَبْلُوَنَّكُمْ حَتَّىٰ نَعْلَمَ
ٱلْمُجَٰهِدِينَ مِنكُمْ وَٱلصَّٰبِرِينَ وَنَبْلُوَا۟ أَخْبَارَكُمْ ﴿٣١﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ
كَفَرُوا۟ وَصَدُّوا۟ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ وَشَآقُّوا۟ ٱلرَّسُولَ مِنۢ بَعْدِ مَا تَبَيَّنَ
لَهُمُ ٱلْهُدَىٰ لَن يَضُرُّوا۟ ٱللَّهَ شَيْـًٔا ۗ وَسَيُحْبِطُ أَعْمَٰلَهُمْ ﴿٣٢﴾
۞ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُوا۟ ٱلرَّسُولَ وَلَا تُبْطِلُوٓا۟
أَعْمَٰلَكُمْ ﴿٣٣﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَصَدُّوا۟ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ثُمَّ مَاتُوا۟
وَهُمْ كُفَّارٌ فَلَن يَغْفِرَ ٱللَّهُ لَهُمْ ﴿٣٤﴾ فَلَا تَهِنُوا۟ وَتَدْعُوٓا۟ إِلَى ٱلسَّلْمِ
وَأَنتُمُ ٱلْأَعْلَوْنَ وَٱللَّهُ مَعَكُمْ وَلَن يَتِرَكُمْ أَعْمَٰلَكُمْ ﴿٣٥﴾ إِنَّمَا
ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا لَعِبٌ وَلَهْوٌ ۚ وَإِن تُؤْمِنُوا۟ وَتَتَّقُوا۟ يُؤْتِكُمْ أُجُورَكُمْ
وَلَا يَسْـَٔلْكُمْ أَمْوَٰلَكُمْ ﴿٣٦﴾ إِن يَسْـَٔلْكُمُوهَا فَيُحْفِكُمْ
تَبْخَلُوا۟ وَيُخْرِجْ أَضْغَٰنَكُمْ ﴿٣٧﴾ هَٰٓأَنتُمْ هَٰٓؤُلَآءِ تُدْعَوْنَ
لِتُنفِقُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۖ فَمِنكُم مَّن يَبْخَلُ ۖ وَمَن يَبْخَلْ
فَإِنَّمَا يَبْخَلُ عَن نَّفْسِهِۦ ۚ وَٱللَّهُ ٱلْغَنِىُّ وَأَنتُمُ ٱلْفُقَرَآءُ ۚ وَإِن
تَتَوَلَّوْا۟ يَسْتَبْدِلْ قَوْمًا غَيْرَكُمْ ثُمَّ لَا يَكُونُوٓا۟ أَمْثَٰلَكُمْ ﴿٣٨﴾

30. Kung nanaisin Namin, O Muhammad (ﷺ), ay ipapakita Namin sa iyo ang kanilang katauhan, walang pag-aalinlangang makikilala mo sila sa mga malilinaw nilang palatandaan, at makikilala mo rin sila sa kanilang mga pananalita na nagpapahiwatig ng kanilang mga layunin. At ang Allâh (ﷻ) ay hindi naililihim sa Kanya ang mga gawain ng sinumang sumusunod at sinumang lumalabag, at tutumbasan Niya ang bawa't isa sa anumang karapat-dapat na para sa kanya.

31. At walang pag-aalinlangan, susubukin Namin kayo, O kayong mga mananampalataya, ng pakikipag-laban sa mga kalaban ng Allâh (ﷻ) upang palitawin kung sino ang tunay na nagpupunyagi sa inyo at nagtitiis sa pakikipaglaban sa mga kalaban ng Allâh, at susubukin Namin ang inyong mga pananalita at mga gawain upang palitawin ang sinumang totoo sa inyo at ang sinumang sinungaling.

32. Katiyakan, ang mga yaong tinanggihan ang Kaisahan ng Allâh (ﷻ), at pinigilan ang mga tao mula sa Kanyang '*Deen*,' at nilabag nila ang Sugo ng Allâh, at nakipaglaban sa Kanya pagkatapos dumating sa kanila ang mga katibayan at ang mga talata na siya ay Propeta na mula sa Allâh (ﷻ), subali't hindi nila mapipinsala ang '*Deen*' ng Allâh sa kahit na anumang kaparaanan, at aalisan ng Allâh (ﷻ) ng saysay ang gantimpala ng mga mababuting gawa na ginawa nila rito sa daigdig; dahil walang pag-aalinlangan, hindi nila hangad dito ang layunin na para makatagpo nila ang Allâh (ﷻ) na Siyang maggagantimpala sa kanila.

33. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Sundin ninyo ang Allâh (ﷻ) at ang Kanyang Sugo sa pag-uutos at pagbabawal nilang dalawa, at huwag ninyong sirain ang gantimpala ng inyong mga gawain dahil sa inyong di-paniniwala at paglabag.

34. Katiyakan, ang mga yaong tinanggihan nila ang Kaisahan ng Allâh at pinigilan nila ang mga tao mula sa Kanyang '*Deen*,' pagkatapos sila ay namatay, kailanman ay hindi sila patatawarin ng Allâh (ﷻ), at paparusahan sila ng tunay na parusa dahil sa kanilang di-paniniwala, at ipapahiya sila sa harapan ng madla.

35. Na kung kaya, huwag kayong manghina, O kayong mga naniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, sa pakikipaglaban ninyo sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, at huwag kayong maging duwag sa pakikipaglaban sa kanila na aanyayahan ninyo sila ng pakikipagsundo nang walang labanan, dahil kayo ang makagagapi sa kanila at mangingibabaw kayo sa kanila, at ang Allâh (ﷻ) ay nasa sa inyo sa pamamagitan ng Kanyang pagtulong at pagpapalakas sa inyo. At dito sa talatang ito ang dakilang magandang balita ng pagpanalo at pangingibabaw sa mga kalaban. At di babawasan ng Allâh (ﷻ) ang gantimpala ng iyong mga gawain.

36-37. Katiyakan, ang buhay dito sa daigdig ay walang iba kundi laro at libangan lamang. At kapag kayo ay naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, at natakot kayo sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsagawa ng Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal, ay ipagkakaloob sa inyo ang gantimpala ng inyong mga gawain, at hindi hihilingin sa inyo na ibigay ang lahat ng inyong kayamanan para sa '*Zakâh*' (o obligadong kawanggawa), sa halip ang hihilingin lamang sa inyo ay ang pagbigay ng bahagi nito. At kapag hiniling sa inyo ang inyong kayamanan at ipinagdamot ninyo ito at hindi kayo nagbigay, ay lilitaw din ang anumang nasa inyong mga puso na pagkakait kapag hiningi sa inyo ang anuman na ayaw ninyong ibigay.

38. Pagmasdan ninyo, O kayong mga mananampalataya, na inaanyayahan kayo na gumasta sa pakikipaglaban sa mga kalaban ng Allâh at pagtaguyod ng Kanyang '*Deen*,' dahil mayroon sa inyo na nagmaramot sa paggasta sa Daan ng Allâh, at ang sinumang magmaramot ay ang pinagkakaitan niya lamang ay ang kanyang sarili, at ang Allâh (ﷻ) ay hindi nangangailangan sa inyo samantalang kayo ay nangangailangan sa Kanya, at kapag kayo ay tumalikod sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagsunod sa Kanyang utos ay wawasakin kayo, at papalitan kayo ng ibang mga tao, pagkatapos sila ay hindi magiging katulad ninyo sa pagtalikod sa utos ng Allâh (ﷻ), sa halip sila ay susunod sa Kanya at susunod sa Kanyang Sugo at makikipaglaban sa Daan ng Allâh sa pamamagitan ng kanilang kayamanan at kanilang mga sarili.

سورة الفتح 48

XLVIII – Sûrat Fath

[**Kabanata Al-Fath** – Ang Malinaw na Tagumpay o Pangingibabaw]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. Katiyakan, ipinagkaloob Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang malinaw na tagumpay, na pangingibabawin ng Allâh (ﷻ) ang iyong '*Deen*,' at tutulungan ka Niya laban sa iyong kalaban, na ito ay ang kasunduang pagtigil ng digmaan ('*ceasefire*') na naganap sa '*Hudhaybiyyah*,' na naging mapayapa ang mga tao sa isa't isa dahil dito, at lumaganap at lumawak ang pag-aanyaya tungo sa '*Deen*' ng Allâh, at nagkaroon ng pagkakataon ang sinumang naghahangad na makita ang katotohanan hinggil sa Islâm at ito ay matutunan, at pumasok ang mga tao sa '*Deen*' na ito ng Allâh (ﷻ) nang grupo-grupo; na kung kaya, ito ay pinangalanang malinaw na tagumpay dahil sa ito ay napakalinaw.

2-3. Ipinagkaloob Namin sa iyo ang tagumpay na ito at ginawa Namin na madali ito sa iyo; upang patawarin ng Allâh (ﷻ) sa iyo ang anumang nagawa mong kasalanan at ang darating pa; dahil sa nangyari sa pagpanalong ito, marami ang naganap na pagsunod sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at sa iyong pagtitiis sa mga kahirapan, at upang buuin ng Allâh (ﷻ) ang Kanyang biyaya sa pamamagitan ng pangingibabaw ng iyong '*Deen*' sa pagpanalo mo sa iyong mga kalaban, at gagabayan ka sa Matuwid na Landas na Kanyang '*Deen*' na walang kabaluktutan, at tutulungan ka nang malakas na tulong na hindi manghihina sa pamamagitan nito ang Islâm.

4. Walang iba kundi ang Allâh (ﷻ) ang nagbaba ng kapanatagan sa mga puso ng mga naniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo sa araw ng '*Hudhaybiyyah*,' na kung kaya, naging panatag at naging tiyak sila sa kanilang mga puso; upang maragdagan ang paniniwala nila sa Allâh (ﷻ) at pagsunod nila sa Kanyang Sugo ng karagdagang paniniwala at pagsunod. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang mga sundalo sa mga kalangitan at kalupaan na tinutulungan Niya sa pamamagitan nila ang Kanyang mga alipin na mananampalataya. At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa ikabubuti ng Kanyang mga nilikha, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa at paglikha.

5. Upang papasukin ng Allâh (ﷻ) ang mga mananampalatayang kalalakihan at kababaihan sa mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno at mga palasyo nito at sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, at buburahin sa kanila ang kanilang mga nagawang kasalanan na hindi na sila paparusahan pa, at ang ganitong gantimpala mula sa Allâh (ﷻ) ay kaligtasan mula sa anumang suliranin, at pagkakamit ng dakilang tagumpay.

6. At paparusahan ng Allâh (ﷻ) ang mga mapagkunwari na mga kalalakihan at mga kababaihan, at ang mga sumasamba sa iba bukod sa Allâh na mga kalalakihan at mga kababaihan na nag-isip ng masama laban sa Allâh (ﷻ) na inisip nilang ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya tutulungan kailanman ang Kanyang Propeta at ang mga mananampalataya na kasama niya laban sa kanilang mga kalaban, at hindi Niya pangingibabawin ang Kanyang '*Deen*,' na kung kaya, ang para sa kanila ay kahiya-hiya at masidhing kaparusahan, at maging ang Pagkamuhi ng Allâh (ﷻ) sa kanila, at pagtataboy sa kanila mula sa Kanyang awa, at inihanda ng Allâh (ﷻ) para sa kanila ang Impiyernong-Apoy na napakasamang tirahan na kanilang patutunguhan.

7. At pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang mga sundalo sa mga kalangitan at kalupaan na pinalalakas Niya sa pamamagitan nila ang Kanyang mga alipin na mga mananampalataya. At ang Allâh (ﷻ) ang '`***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan at Dakila sa Kanyang paglikha, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang Pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha.

8-9. Katiyakan, ipinadala ka Namin, O Muhammad (ﷺ), bilang testigo sa iyong '*Ummah*'[58] sa pagparating ng mensahe, sa paglilinaw ng anumang mensahe na dala-dala mo sa kanila at pagbibigay ng magandang balita hinggil sa Hardin ('*Al-Jannah*') sa sinumang susunod sa iyo, at pagbabala sa sinumang lalabag sa iyo ng maagang parusa rito sa daigdig at parusa sa Kabilang-Buhay; upang sila ay maniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, at tulungan ng Allâh (ﷻ), na ang ibig sabihin ay pagtataguyod at pagsunod sa Kanyang '*Deen*,' at Siya ay dakilain at purihin sa umaga at hapon.

[58]Lahat ng sambayanan na nasakupan ng kanyang mensahe.



10. Walang pag-aalinlangan, ang mga yaong nangako ng pagsunod sa iyo, O Muhammad (ﷺ), sa '*Hudhaybiyyah*' sa pakikipaglaban, katiyakang ang pinangakuan nila ay ang Allâh (ﷻ), at nakipagkasundo sila ng kasunduan sa Kanya na paghahangad ng Kanyang '*Jannah*' (Hardin) at Kanyang pagmamahal, ang Kamay ng Allâh (ﷻ) ay nasa ibabaw ng kanilang mga kamay, at Siya ay kasama nila sa pamamagitan ng Kanyang Pandinig at Paningin na narinig Niya ang kanilang mga salita at nakikita Niya ang kanilang kinaroroonan at batid Niya ang kanilang kinikimkim at inilalantad, at sinumang sisira sa kanyang pangako ay sarili niya lamang ang kanyang pinipinsala, at sinumang tutupad ng kanyang pangako sa Allâh (ﷻ) ng pagiging matatag sa pakikipagharap sa kalaban sa Daan ng Allâh (ﷻ) at pakikiisa sa Kanyang Propeta na si Muhammad (ﷺ), walang pag-aalinlangang ipagkakaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanya ang masaganang gantimpala, na ito ay ang '*Al-Jannah*' (Hardin). Nandirito sa talatang ito ang pagpapatunay hinggil sa katangian ng Allâh (ﷻ) na Siya ay nagtataglay ng Kamay na angkop na angkop sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan, na walang paghahambing at walang pagtatanong sa pagiging paano nito.

11. Walang pag-aalinlangang sasabihin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ng mga nagpaiwan na mga bedouin na hindi sila lumabas kasama ka sa pagpunta sa Makkah kapag pinuna mo sila: "*Naging abala kami sa aming mga kayamanan at mga pamilya*, *na kung kaya*, *hilingin mo sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na patawarin kami sa aming ginawang pagpapaiwan*," sinasabi nila ito sa kanilang mga dila, subali't ito ay walang katotohanan sa kanilang mga puso, sabihin mo sa kanila: "*Sino sa inyo kung gayon ang may kakayahan na mamagitan sa Allâh* (ﷻ) *para sa inyo kapag hinangad ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo ang kapinsalaan o kapakinabangan? Ang katotohanan ay hindi ang yaong iniisip nila na mga mapagkunwari na ang Allâh* (ﷻ) *ay hindi Niya batid ang anuman na kanilang kinikimkim sa kanilang mga sarili na pagkukunwari*, *kundi walang pag-aalinlangan*, *ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Khabeer***' *– Ganap ang Kanyang*

Kagalingan na Nababatid Niya nang ganap ang anuman na kanilang ginagawa, *at walang anumang naililihim sa Kanya sa mga ginagawa ng Kanyang mga nilikha.*

12. "*At ang pangyayari ay hindi ang katulad ng inyong inaangkin na kayo ay naging abala sa mga kayamanan at pamilya*, *kundi ang katotohanan ay iniisip ninyo na ang Sugo ng Allâh at ang Kanyang mga kasamahan ay mawawasak at mamamatay*, *at hindi na sila makakabalik pa kailanman*, *at pinaganda ni* '*Shaytân*' *sa inyo ang ganitong pag-iisip sa inyong mga puso*, *at nag-isip kayo ng masama na ang Allâh* (ﷻ) *ay hindi Niya tutulungan kailanman ang Kanyang Propeta na si Muhammad* (ﷺ) *at ang kanyang mga kasamahan laban sa kanilang mga kalaban*, *at kayo ay naging mga walang-kabuluhang tao na patungo sa pagkawasak*."

13. At ang sinumang hindi naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa anumang mensahe na dala-dala ng Kanyang Sugo at hindi sumunod sa Kanyang batas, walang pag-aalinlangang siya ay walang pananampalataya na karapat-dapat sa kaparusahan, at katiyakang inihanda Namin sa mga walang pananampalataya ang napakainit na naglalagablab na Apoy ng Impiyerno.

14. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan at ang kalupaan at ang anuman na nilalaman nito, at pinatatawad Niya dahil sa Kanyang awa ang sinuman na Kanyang nais at pinagtatakpan Niya ang kanyang kasalanan, at pinaparusahan Niya dahil sa Kanyang makatarungang hatol ang sinuman na Kanyang nais, ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisisi, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanya.

15. Walang pag-aalinlangan, sasabihin ng mga nagpaiwan, kapag ikaw ay tumungo, O Muhammad (ﷺ), at ang iyong mga kasamahan sa mga '*Ghanâim*' sa Khaybar na ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa inyo: "*Hayaan ninyo kaming sumama sa inyo na magtungo sa Khaybar.*" At hangad nila sa pamamagitan nito na baguhin ang pangako ng Allâh (ﷻ) sa inyo.

Sabihin mo sa kanila: "*Hindi kayo makasasama sa amin tungo sa Khaybar*; *dahil sinabi na ito ng Allâh* (ﷻ) *sa amin bago pa kami bumalik sa Madinah*: '*Na katotohanan*, *ang mga* '*Ghanâim*' *ng Khaybar ay para lamang sa sinumang kasama namin na pumunta sa Hudhaybiyyah*,'" walang pag-aalinlangan, sasabihin nila: "*Ang pangyayari ay hindi ang mga yaong inyong sinasabi*, *dahil katiyakang ang Allâh* (ﷻ), *ay hindi ganoon ang iniutos sa inyo*, *at katiyakang pinipigilan ninyo kami na sumama sa inyo dahil sa inyong panibugho*; *upang wala kaming makamtan na anumang* '*Ghanimah*' *na kasama sa inyo*." Subali't ang pangyayari ay hindi ang yaong kanilang inaangkin, kundi hindi nila naiintindihan ang anuman na mula sa Allâh (ﷻ) na para sa kanila at kung anuman ang tungkulin nila hinggil sa alituntunin ng '*Deen*,' bagkus ay kakaunti lamang ang kanilang naiintindihan mula rito.



16. Sabihin mo sa mga yaong nagpaiwan sa pakikipaglaban na mga bedouin: "*Katiyakan*, *kayo ay tatawagin tungo sa pakikipaglaban sa mga magigiting na tao sa labanan*, *na makipaglaban kayo sa kanila o di kaya ay susuko sila bilang mga Muslim na wala nang labanan na magaganap*, *at kapag kayo ay sumunod sa Allâh* (ﷻ) *tungo sa paanyaya sa inyo na pakikipaglaban sa kanila ay ipagkakaloob sa inyo ang* '*Al-Jannah*' (*Hardin*), *at kapag lumabag kayo na katulad ng inyong ginawang pagpapaiwan na hindi pagsama sa Sugo ng Allâh sa pagpunta sa Makkah ay paparusahan kayo ng masidhing kaparusahan.*"

17. Walang kasalanan sa hindi pagsama sa inyo sa pakikipaglaban ang bulag o di kaya ay ang pilay, at gayundin, wala ring kasalanan ang may sakit kapag sila ay hindi sumama sa pakikipaglaban kasama ang mga mananampalataya; dahil sa wala silang kakayahan. At sinuman ang sumunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo ay papapasukin siya ng Allâh (ﷻ) sa mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno at mga palasyo nito, at ang sinumang lalabag sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at hindi sumama sa pakikipaglaban kasama ang mga mananampalataya ay paparusahan siya ng masidhing kaparusahan.

18-19. Katiyakan, kinalugdan ng Allâh (ﷻ) ang mga mananampalataya nang sila ay nangako ng sumpaan sa iyo, O Muhammad (ﷺ), sa ilalim ng puno (ito ay ang sumpaang pangako na tinatawag na '*Bay`at Ar-Ridwân*' sa '*Hudhaybiyyah*'). At batid ng Allâh (ﷻ) kung ano ang nasa puso ng mga mananampalataya na paniniwala, katapatan, pagtupad sa ipinangako, na kung kaya, ibinaba ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang kapanatagan na ito ay tumanim sa kanilang mga puso, at pinalitan ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang anumang hindi nangyari noong sila ay nakipagkasundo sa '*Hudhaybiyyah*' ng malapit na tagumpay, na ang kapalit ay pagkapanalo nila sa Khaybar, at maraming '*Ghanâim*' na kanilang nakuha na mga kayamanan ng mga Hudyo sa Khaybar. At

ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Azeez***’ – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang pagpaparusa sa mga kumakalaban sa Kanya, na ‘***Hakeem***’ – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha.

20-22. Ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang masaganang ‘*Ghanâim*’ na inyong makakamtan sa iba’t-ibang panahon na itinakda ng Allâh (ﷻ) para sa inyo at pinauna na Niya bilang patibay ang mga ‘*Ghanâim*’ sa Khaybar, at pinigilan ng Allâh (ﷻ) ang mga kamay ng inyong mga kalaban sa inyo at walang nangyari sa inyo na masama, na kung saan, nililihim na balakin ng inyong mga kalaban na pakikipaglaban at pakikipagpatayan sa inyo, at ang kanilang pamiminsala sa anumang inyong iniwan sa Madinah, upang mangyari ang kanilang pagkatalo at ang inyong pagkaligtas at pagkaroon ng ‘*Ghanimah*’ ay palatandaan na dapat maging aral sa inyo, na nagpapatunay para sa inyo na ang Allâh (ﷻ) ay pinangangalagaan kayo at tinutulungan, at ginagabayan kayo tungo sa Matuwid na Landas na walang kabaluktutan.

At katiyakan, ipinangako rin ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang iba pang ‘*Ghanimah*’ na wala pa sa kakayahan ninyo na makamtan; at katiyakang ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Makapangyarihan na walang pag-aalinlangang ito ay magaganap, at ito ay nasa ilalim ng Kanyang Pangangasiwa at Kaharian, at ito sa katotohanan ay ipinangako sa inyo, at katiyakang mangyayari ang anuman na Kanyang ipinangako.

At ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay at walang makapipigil sa Kanya kung ito ay Kanyang nanaisin. At kung nakipaglaban lamang sa inyo ang mga walang pananampalataya na mga Quraysh sa Makkah ay matatalo sila na sila ay tatakas, na tulad ng nangyayari sa sinumang natatalo sa labanan, pagkatapos ay wala na silang matatagpuan bukod sa Allâh (ﷻ) na magiging kaagapay nila na tutulong sa kanila sa pakikipaglaban sa inyo.

23. Ito ang pamamaraan ng Allâh (ﷻ) na Kanyang ginagawa noon sa Kanyang mga nilikha na pagpapanalo Niya sa Kanyang mga sundalo at pagpapatalo Niya sa sinumang kumakalaban sa Kanya, at kailanman hindi ka na makakatagpo, O Muhammad (ﷺ), ng pagbabago sa pamamaraan ng Allâh (ﷻ).



24. At Siya ang pumigil sa mga kamay ng mga '*Mushrikûn*' para sa inyo, at ang inyong mga kamay para sa kanila sa loob ng Makkah pagkatapos ng inyong pagsakop sa kanila at sila ay nasa ilalim na ng inyong kapangyarihan. (At sila ang mga yaong sumasamba ng iba bukod sa Allâh na kung saan tumungo at nakipagharap sa mga sundalo ng Sugo ng Allâh sa '*Hudhaybiyyah*,' nadakip sila ng mga Muslim pagkatapos ay pinabayaan sila at hindi sila pinatay, na ang bilang nila ay mga walumpung kalalakihan). At ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Ganap na Nakakakita sa inyong mga ginagawa at walang anumang nailililihim sa Kanya.

25. Sila ang mga walang pananam-palataya sa Allâh na mga Quraysh na tumanggi sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), at pinigilan kayo noong araw ng '*Hudhaybiyyah*' na pumasok sa '*Masjid Al-Haram*,' at pinigilan nila ang pag-aalay ninyo sa mga hayop upang ito ay hindi makarating sa lugar na kung saan doon nag-aalay, na ito ay ang '*Al-Haram*.'

At kung hindi lamang sa mga kalalakihan na mga mananampalataya na mga mahihina at mga kababaihan na naninirahan sa ilalim ng pangunguntrol ng mga walang pananampalataya sa Makkah na inililihim nila ang kanilang paniniwala dahil sa kanilang pagkatakot sa anumang mangyayari sa kanilang mga sarili na hindi ninyo sila kilala, na baka mapatay ninyo sila, na kapag ganoon ang nangyari ay malaking kasalanan at kapinsalaan at pananagutan na wala kayong kaalam-alam, subali't Kami ay sinanhi Namin na masakop ninyo sila; upang papasukin ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Awa ang sinuman na Kanyang nais na pagkalooban Niya ng paniniwala pagkatapos ng pagtanggi, at kung nakabukod lamang sila na mga mananampalataya na mga kalalakihan at mga kababaihan mula sa mga walang pananampalataya na mga taga-Makkah at sila ay ligtas mula sa mga taga-Makkah ay paparusahan Namin ang mga walang pananampalataya mula sa kanila nang matinding pagpaparusa.

26. Nang inilagay ng mga walang pananampalataya sa kanilang mga puso ang pagmamataas at pagiging makasarili na kamangmangan, upang hindi nila maamin at paniniwalaan ang mensahe ni Muhammad (ﷺ), at kabilang dito ay ang kanilang pagtanggi na isulat sa kasunduan sa '*Hudhaybiyyah*' ang katagang '*Bis-mil-lâ-hir Rah-mâ-nir Ra-heem*,' at tinanggihan nila na kanilang maisulat ang katagang ito na siyang pinagpasiyahan ni Muhammad (ﷺ) na Sugo ng Allâh, at doon ibinaba ng Allâh (ﷻ) ang kapanatagan sa puso ng Sugo ng Allâh at sa mga mananampalataya na kasama niya, at pinatatag Niya sa kanila ang pagsasabi ng '*Lâ i-lâ-ha il-lal-lâh*,' na kung saan ito ang pinakamataas na antas ng '*Taqwâ*' (pagkatakot), at ang Sugo ng Allâh at ang mga kasama niya na mga mananampalataya ay higit na may karapatan sa katagang ito kaysa sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, at sila ang naniniwala sa katagang ito at hindi ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh. At ang Allâh (ﷻ) ang ''***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay na walang anumang naililihim sa Kanya.

27. Katiyakan, tinupad ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Sugo na si Muhammad ang panaginip na kanyang nakita bilang katotohanan, na siya at ang kanyang mga tagasunod ay papasok sa '*Baytullâhil Haram*' na tahanan ng pagsamba sa Allâh (ﷻ) na Sagrado, na sila ay ligtas at payapa, na hindi sila natatakot sa mga '*Mushrikin*,' na sila ay nag-aahit ng kanilang buhok o nagpuputol nito, at batid ng Allâh (ﷻ) ang mabuti at nakabubuti (sa pagpigil sa inyo noon sa pagpasok sa Makkah noong panahon na nais ninyong pumasok at ang pagpasok ninyo pagkatapos noon) na ito ay hindi ninyo batid, at ginawa Niya sa inyo noong kayo ay hindi nakapasok sa Makkah ang pangako na papalapit na tagumpay at pagkapanalo, na ito ay pagtigil ng labanan na pinagkasunduan sa '*Hudhaybiyyah*' at pagkapanalo sa Khaybar.

28. Siya ang nagpadala ng Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ) na may malilinaw na mga katuruan bilang gabay at relihiyon ng katotohanan na ito ay ang Islâm upang ito ay mangibabaw sa lahat ng relihiyon na hindi totoo na gawa-gawa lamang ng tao at inimbento, at sapat na sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Allâh (ﷻ) bilang testigo na Siya ang tutulong sa iyo at magpapangibabaw sa iyong '*Deen*' sa lahat ng '*deen*' (o relihiyon) na gawa ng tao.

الجزء السادس والعشرون سورة الحجرات
مُّحَمَّدٌ رَّسُولُ ٱللَّهِ ۚ وَٱلَّذِينَ مَعَهُۥٓ أَشِدَّآءُ عَلَى ٱلْكُفَّارِ رُحَمَآءُ بَيْنَهُمْ ۖ
تَرَىٰهُمْ رُكَّعًا سُجَّدًا يَبْتَغُونَ فَضْلًا مِّنَ ٱللَّهِ وَرِضْوَٰنًا ۖ سِيمَاهُمْ
فِى وُجُوهِهِم مِّنْ أَثَرِ ٱلسُّجُودِ ۚ ذَٰلِكَ مَثَلُهُمْ فِى ٱلتَّوْرَىٰةِ ۚ وَمَثَلُهُمْ
فِى ٱلْإِنجِيلِ كَزَرْعٍ أَخْرَجَ شَطْـَٔهُۥ فَـَٔازَرَهُۥ فَٱسْتَغْلَظَ فَٱسْتَوَىٰ
عَلَىٰ سُوقِهِۦ يُعْجِبُ ٱلزُّرَّاعَ لِيَغِيظَ بِهِمُ ٱلْكُفَّارَ ۗ وَعَدَ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ
ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ مِنْهُم مَّغْفِرَةً وَأَجْرًا عَظِيمًا ﴿٢٩﴾
سُورَةُ الحُجُرَاتِ
بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ
يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تُقَدِّمُوا۟ بَيْنَ يَدَىِ ٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ۖ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ
إِنَّ ٱللَّهَ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿١﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَرْفَعُوٓا۟ أَصْوَٰتَكُمْ
فَوْقَ صَوْتِ ٱلنَّبِىِّ وَلَا تَجْهَرُوا۟ لَهُۥ بِٱلْقَوْلِ كَجَهْرِ بَعْضِكُمْ
لِبَعْضٍ أَن تَحْبَطَ أَعْمَٰلُكُمْ وَأَنتُمْ لَا تَشْعُرُونَ ﴿٢﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ
يَغُضُّونَ أَصْوَٰتَهُمْ عِندَ رَسُولِ ٱللَّهِ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ ٱمْتَحَنَ ٱللَّهُ
قُلُوبَهُمْ لِلتَّقْوَىٰ ۚ لَهُم مَّغْفِرَةٌ وَأَجْرٌ عَظِيمٌ ﴿٣﴾ إِنَّ ٱلَّذِينَ
يُنَادُونَكَ مِن وَرَآءِ ٱلْحُجُرَٰتِ أَكْثَرُهُمْ لَا يَعْقِلُونَ ﴿٤﴾

29. Si Muhammad (ﷺ) ay Sugo ng Allâh, at ang mga yaong kanyang kasamahan sa kanyang ‘*Deen*’ ay mga matatapang laban sa mga walang pananampalataya na kumakalaban sa kanila, at mga maawain sa kanilang pakikitungo sa isa’t isa na makikita mo sila, na mga nakayuko, nakapatirapa sa Allâh (ﷻ) sa kanilang pagsasagawa ng ‘*Salâh*,’ na hinihiling nila sa Allâh (ﷻ) na kanilang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha ang Kanyang kagandahang-loob sa Kanya na sila ay papasukin sa ‘*Al-Jannah*’ (Hardin) at kalulugdan sila, at ang mga palatandaan ng kanilang pagsunod sa Allâh (ﷻ) ay nakikita sa kanilang mga noo bilang bakas ng pagpapatirapa at pagsamba, at ganito rin ang kanilang katangian na nabanggit sa ‘*Tawrah*.’ At ang kanilang katangian na nabanggit sa ‘*Injeel*’ ay katulad ng butil ng pananim na pagkatapos sumibol ng tangkay nito at sanga, ay dumami ang mga ito, at kumapal ang pananim at tumatag ang pagkakakapit nito sa puno nito na naging maganda ang pagkakatindig nito at nagugustuhan ng mga tagapagtanim, upang magkaroon ng poot ang mga walang pananampalataya sa mga mananampalataya dahil sa rami nila at ganda ng kanilang pagsibol. Dito ay katibayan bilang palatandaan na ituturing na mga walang pananampalataya ang sinumang may galit o nagkaroon ng poot sa mga ‘*Sahabah*’ (o kasamahan ng Propeta) dahil ang Allâh (ﷻ) ay nagagalit para sa mga ‘*Sahabah*,’ at ang sinumang tao na nagagalit sa mga ‘*Sahabah*’ ay nagkaroon siya ng katangiang ‘*Kufr*’ o pagiging walang pananampalataya. Ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo mula sa inyo at isinagawa ang anumang ipinag-uutos ng Allâh (ﷻ) at iniwasan ang anumang ipinagbabawal ng Allâh (ﷻ), ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at masaganang gantimpala na walang katapusan na ito ay ‘*Al-Jannah*’ (Hardin). [Ang pangako ng Allâh (ﷻ) ay totoo at ito ay mangyayari na walang pag-aalinlangan, at sinuman ang susunod sa mga bakas ng mga ‘*Sahabah*’ na kinalugdan sila ng Allâh (ﷻ) ay magiging katulad siya ng mga ‘*Sahabah*,’ at mayroon silang

katangian at pagiging una at pagkabuo o ganap ng kanilang paniniwala na hindi sila maaabot ng sinuman sa sambayanang ito, na kinalugdan sila ng Allâh ﷻ.]

سورة الحجرات 49

XLIX – Sûrat Al-Hujurât

[**Kabanata Al-Hujurât** – Ang Mga Tirahan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. O kayong mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo! Huwag kayong magpasiya ng isang bagay maliban sa pinagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo na nasa mga batas ng inyong '*Deen*' dahil makagagawa kayo ng '*bid`ah*' (pagbabago o pagdaragdag sa katuruan), at katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa inyong mga salita at gawa na malabag ninyo ang utos ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo, katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee`***' – Ganap na Nakakarinig sa inyong mga sinasabi, na '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa inyong mga layunin at mga gawain. Ito ay babala sa mga mananampalataya na huwag silang gagawa ng pagbabago sa katuruan ng '*Deen*' ng Islâm o magtala sila ng batas na hindi ipinahintulot ng Allâh.

2. O kayong mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang Sugo! Huwag kayong magtaas ng inyong boses na higit pa kaysa sa boses ng Propeta (ﷺ) kapag kayo ay nakipag-usap sa kanya, at huwag ninyong lakasan ang inyong boses sa panawagan ninyo sa kanya na katulad ng paglalakas ng boses ninyo sa isa't isa, at ibukod-tangi ninyo siya sa pakikipag-usap na katulad ng pagbukod-tangi sa kanya sa pamamagitan ng pagpili sa kanya upang gampanan ang mensahe ng Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at ang pagiging obligado ng paniniwala sa kanya, pagmamahal sa kanya, pagsunod sa kanya at pagturing sa kanya bilang magandang halimbawa; upang di mawalan ng saysay ang inyong mga gawain, na hindi ninyo namamalayan ang pagkasira ng inyong mga gawain.

3. Katiyakan, ang mga yaong hinihinaan nila ang kanilang mga boses habang sila ay kasa-kasama ng Sugo ng Allâh ay sila ang mga yaong sinubok ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso at ginawa Niyang dalisay para sa pagkatakot sa Kanya, ang para sa kanila mula sa Allâh (ﷻ) ay kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at ang masaganang gantimpala, na ito ay ang '*Al-Jannah*' (Hardin).

4. Katiyakan, ang mga yaong tumatawag sa iyo, O Muhammad (ﷺ), mula sa likuran ng iyong mga tirahan na malakas ang boses, ay karamihan sa kanila ay hindi nakauunawa ng tamang kagandahang-asal sa pakikitungo sa Sugo ng Allâh at paggalang sa kanya.



5. At kung nakapagtiis lamang sila na maghintay hanggang sa ikaw ay lumabas sa kanila, ay mas nakabubuti ito sa kanila sa paningin ng Allâh (ﷻ); dahil ang Allâh (ﷻ) ay inutusan sila na igalang ka. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa nangyari sa kanila bilang kamangmangan nila na hindi nila alam ang mga kasalanan at paglabag sa tamang asal; na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila dahil sa hindi sila kaagad pinarusahan.

6. O kayong mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang Sugo! Kapag dumating sa inyo ang masamang tao na may dalang balita ay seguruhin muna ninyo ang kanyang balita bago ninyo ito paniwalaan at ipaalam sa iba hanggang sa matiyak ninyo ang katotohanan hinggil dito, dahil nakatatakot na mapinsala ninyo ang mga tao na walang kasalanan dahil sa kagagawan ninyo at ito ay inyong pagsisihan sa bandang huli.

7. At dapat ninyong mabatid na mayroong Sugo ng Allâh na kabilang sa inyo upang maging angkop ang inyong pakikitungo sa kanya; dahil siya ang higit na nakababatid sa anumang ikabubuti ninyo, na ang nais niya ay kabutihan para sa inyo, at maaaring ang nais ninyo sa inyong mga sarili ay kasamaan at kapahamakan na hindi kayo sasang-ayunan ng Sugo ng Allâh para rito, at kung siya ay susunod sa inyo sa maraming bagay na inyong nais mangyari ay katiyakang malalagay kayo sa kaguluhan. Subali't ninais ng Allâh (ﷻ) na mapamahal sa inyo ang tamang pananampalataya at pinaganda ito sa inyong mga puso, na kung kaya, naniwala kayo, at ipinamuhi Niya sa inyo ang pagtanggi at paglabag sa Kanyang kagustuhan at pagsuway sa Kanya. Walang pag-aalinlangang sila na nagtatangan ng mga ganitong katangian ang mga nagabayan na tumatahak sa Daan ng Katotohanan.

8. At itong kabutihan na nangyari sa kanila ay kagandahang-loob na mula sa Allâh (ﷻ) para sa kanila at Kanyang biyaya. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa sinumang tumatanaw ng utang na loob sa Kanyang mga biyaya, na ‘***Hakeem***’ – Ganap na Maalam sa Kanyang Pangangasiwa sa Kanyang nilikha.

9. At kapag ang dalawang grupo ng mga mananampalataya ay naglaban, pag-ayusin ninyo, O kayong mga mananampalataya, ang pagitan ng dalawang grupong ito upang isangguni nila ito sa Aklat ng Allâh at sa ‘*Sunnah*’ ng Kanyang Sugo, at maging katanggap-tanggap sa kanila ang batas na ito, at kapag ang isa sa dalawang grupo ay gumanti at hindi tumugon sa pagpasiya na ito, ay makipaglaban kayo sa grupong yaon hanggang sa ito ay bumalik sa Batas ng Allâh at ng Kanyang Sugo, at kapag ito ay bumalik sa dating kasunduan ay pag-ayusin ninyo ang pagitan ng dalawang grupong ito nang patas, at maging makatarungan kayo sa inyong paghatol, na huwag ninyong lalampasan ang Batas ng Allâh at ang Batas ng Kanyang Sugo.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay nagmamahal sa mga naghahatol nang makatarungan, nagpapasiya sa pagitan ng Kanyang mga alipin nang makatarungan. Dito sa talatang ito ang patunay sa katangian ng Allâh (ﷻ) na pagmamahal ayon sa kung anuman ang angkop sa Kanyang Kamaharlikaan.

10. Katiyakan, ang mga mananampalataya ang tunay na magkakapatid sa ‘*Deen*,’ na kung kaya, ayusin ninyo ang pagitan ng inyong dalawang grupo kapag sila ay nag-away o nagpatayan, at katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) sa lahat ng pagkakataon, bilang paghahangad na kaawaan kayo.

11. O kayong mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at nagpapatupad ng Kanyang Batas! Huwag hayaang kutyain ng isang grupo ng mananampalataya sa inyo ang ibang grupo ng mananampalataya; baka sakaling ang huli ay mas mabuti kaysa sa una. Ni hayaang kutyain ng mananampalatayang kababaihan ang ibang mananampalatayang kababaihan; dahil maaaring ang kinukutya ay mas mabuti kaysa sa nangungutya, at huwag pintasan ng iba sa inyo ang iba, at huwag libakin (insultuhin) ng iba sa inyo ang iba sa pamamagitan ng pagtawag sa kanya ng kinamumuhian niyang palayaw o katawagan. Dahil napakasamang katangian ang ganito at maging ang pagtawag ng masamang pangalan, na pinagkukutya at pinaglalait, at pagtatawagan ng mga palayaw na hindi magaganda, pagkatapos ninyong pumasok sa Islâm at ito ay inyong naintindihan, at sinumang hindi nagsisi mula sa pangungutya, panlalait at pagpupukulan ng mga masamang palayaw ay sila ang mga yaong masasama na inapi nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsagawa nila ng mga ganitong ipinagbabawal.

الجزء السادس والعشرون سورة الحجرات
يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ ٱجْتَنِبُواْ كَثِيرًا مِّنَ ٱلظَّنِّ إِنَّ بَعْضَ ٱلظَّنِّ إِثْمٌ ۖ
وَلَا تَجَسَّسُواْ وَلَا يَغْتَب بَّعْضُكُم بَعْضًا ۚ أَيُحِبُّ أَحَدُكُمْ أَن
يَأْكُلَ لَحْمَ أَخِيهِ مَيْتًا فَكَرِهْتُمُوهُ ۚ وَٱتَّقُواْ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ تَوَّابٌ
رَّحِيمٌ ﴿١٢﴾ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِنَّا خَلَقْنَٰكُم مِّن ذَكَرٍ وَأُنثَىٰ وَجَعَلْنَٰكُمْ
شُعُوبًا وَقَبَآئِلَ لِتَعَارَفُوٓاْ ۚ إِنَّ أَكْرَمَكُمْ عِندَ ٱللَّهِ أَتْقَىٰكُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ
عَلِيمٌ خَبِيرٌ ﴿١٣﴾ قَالَتِ ٱلْأَعْرَابُ ءَامَنَّا ۖ قُل لَّمْ تُؤْمِنُواْ وَلَٰكِن
قُولُوٓاْ أَسْلَمْنَا وَلَمَّا يَدْخُلِ ٱلْإِيمَٰنُ فِى قُلُوبِكُمْ ۖ وَإِن تُطِيعُواْ ٱللَّهَ
وَرَسُولَهُۥ لَا يَلِتْكُم مِّنْ أَعْمَٰلِكُمْ شَيْـًٔا ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٤﴾
إِنَّمَا ٱلْمُؤْمِنُونَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ثُمَّ لَمْ يَرْتَابُواْ
وَجَٰهَدُواْ بِأَمْوَٰلِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ أُوْلَٰٓئِكَ هُمُ
ٱلصَّٰدِقُونَ ﴿١٥﴾ قُلْ أَتُعَلِّمُونَ ٱللَّهَ بِدِينِكُمْ وَٱللَّهُ
يَعْلَمُ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۚ وَٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ
﴿١٦﴾ يَمُنُّونَ عَلَيْكَ أَنْ أَسْلَمُواْ ۖ قُل لَّا تَمُنُّواْ عَلَىَّ إِسْلَٰمَكُم ۖ بَلِ ٱللَّهُ
يَمُنُّ عَلَيْكُمْ أَنْ هَدَىٰكُمْ لِلْإِيمَٰنِ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿١٧﴾ إِنَّ ٱللَّهَ
يَعْلَمُ غَيْبَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَٱللَّهُ بَصِيرٌۢ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿١٨﴾

12. O kayong mga naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at sumunod ng Kanyang gabay! Iwasan ninyo ang karamihan sa mga haka-haka na masasama laban sa mga mananampalataya; dahil ang ibang haka-haka ay kasalanan. At huwag magmanman, at huwag ninyong matahin ang dangal ng mga Muslim o magsiraan sa isa't-isa, at huwag banggitin ng iba sa inyo sa iba nang palihim ang anuman na hindi niya nagugustuhan. Dahil nais ba ng isa sa inyo na pakainin siya ng kanyang kapatid ng patay na laman ng kanyang kapatid? At kayo mismo ay kinamumuhian ninyo ito, na kung kaya, kamuhian ninyo ang paninirang-puri sa kanya at matakot kayo sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Tawwâb***' – Tagapagtanggap at Tagapagpatawad sa sinumang nagsisisi at nagbabalik-loob mula sa Kanyang mga alipin na mga mananampalataya, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

13. O sangkatauhan! Katiyakang nilikha Namin kayo mula sa isang ama lamang na ito ay si Âdam (عليه السلام), at sa isang ina lamang na ito ay si Hawwa` (عليها السلام), na kung kaya, walang pagtatangi-tangi sa pagitan ninyo sa lahi, at ginawa Namin kayo dahil sa pagpaparami ng lahi na mga sambayanan at iba't ibang tribo, upang makilala ninyo ang isa't isa, at dapat ninyong mabatid na ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allâh (ﷻ) ay ang sinumang pinakamatakutin sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa mga matatakutin sa Kanya, na '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang kagalingan na Nakababatid nang ganap sa kanila.

14. Sinabi ng mga Bedouin: "*Naniwala na kami sa Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang Sugo nang buong paniniwala*," sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Huwag angkinin*

ng inyong mga sarili ang kabuuan ng paniniwala, *bagkus ay sabihin ninyo*, '*Isinuko namin ang aming mga sarili sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ) *bilang mga Muslim*,'" dahil hindi pa nakapapasok ang paniniwala sa inyong mga puso. Subali't kapag kayo ay sumunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, ay hindi Niya babawasan sa inyo ang gantimpala ng inyong mga gawain ng kahit na katiting. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisi sa kanyang mga kasalanan, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanya. Nasa talatang ito ang babala sa sinumang naglalantad ng paniniwala at pagsunod sa '*Sunnah*' ng Propeta, samantalang ang kanyang mga gawain ay sumasalungat naman hinggil dito.

15. Katiyakan, ang mga mananampalataya lamang ang tunay na naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at sumunod sa Kanyang batas, pagkatapos ay wala sila ni anumang pag-aalinlangan sa kanilang mga paniniwala, at ginasta nila ang mga mahahalaga nilang kayamanan at nagpunyagi ang kanilang mga sarili sa Daan ng Allâh, pagsunod sa Kanya at sa Kanyang pagmamahal. Ang mga ganito, sila ang mga yaong matatapat sa kanilang paniniwala.

16. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga Bedouin: "*Nais ba ninyong pagsabihan ang Allâh* (ﷻ) *hinggil sa inyong* '*Deen*' *at sa anuman na kinikimkim ninyo sa inyong sarili*, *samantalang ang Allâh* (ﷻ) *ang Ganap na Nakaaalam ng anumang nasa mga kalangitan at ang anumang nasa kalupaan? At ang Allâh* (ﷻ) *ang* '`***Aleem***' *– Ganap na Nakaaalam ng lahat ng bagay na walang anumang naililihim sa Kanya na anumang nasa inyong mga puso na paniniwala o di kaya ay pagtanggi*, *at ang pagiging mabuti o di kaya ay pagiging masama*."

17. Isinusumbat nila na mga Bedouin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang kanilang pagmu-Muslim, ang pagsunod nila sa iyo at pagtulong nila sa iyo, sabihin mo sa kanila: "*Huwag ninyo ituring ang pagpasok ninyo sa Islâm bilang isang pabor* (*o kagandahang-loob*) *para sa akin*; *sapagka't ang kapakinabangan para rito ay para rin lamang sa inyo. Hindi ang inyong inaakala ang katotohanan*, *kundi pagmamay-ari ng Allâh* (ﷻ) *ang anumang kabutihang nasa sa inyo dahil sa pagyakap ninyo ng Islâm na ginabayan kayo sa paniniwala sa Kanya at sa Kanyang Sugo kung kayo ay totoo sa paniniwala.*

18. "*Katiyakang ang Allâh* (ﷻ), *Siya ang Ganap na Nakaaalam sa anumang lihim sa mga kalangitan at sa kalupaan at walang anumang bagay na maaaring ilihim sa Kanya*, *na ang Allâh* (ﷻ) *ang Ganap na Nakakakita sa inyong mga gawain at ayon dito kayo ay tutumbasan*, *na kung mabuti ay mabuti rin at kung masama ay masama rin*."

سورة قٓ 50

L – Sûrat Qâf

[**Kabanata Qâf** – (Ang Titik) Qâf]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. *Qãf* – Ang katulad nitong titik ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.' Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng maluwalhati at kagalang-galang na Qur'ân na nagtatangan ng kapuri-puri at mataas na karangalan.

2. Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan na sila na mga walang pananampalataya ay namamangha sa Sugo ng Allâh (ﷻ) na dumating na mula rin sa kanila na binabalaan sila hinggil sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ), at sinabi ng mga hindi naniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo: "*Ito ay isang bagay na kakaiba na kamangha-mangha*."

3. "*Kapag namatay na ba kami at naging alabok na kami ay maibabalik pa ba kami sa dati naming kaanyuan? Itong pagbabalik ay malayung-malayong mangyari*."

4. Katiyakan, batid Namin nang ganap ang lupang lumamon sa kanilang mga katawan noong sila ay nabulok na, at nasa Amin ang Talaan na pinangalagaan mula sa

pagbabago at pagpapalit, na nandoroon ang lahat ng nangyari sa kanila habang sila ay nabubuhay pa at maging pagkatapos na ng kanilang kamatayan.

5. Subali't sa halip ay hindi pinaniwalaan ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, ang Dakilang Qur'ân noong ito ay dumating sa kanila, na kung kaya, sila ay nasa pagkalitong kalagayan at hindi sila matatag sa anumang bagay at wala silang tiyak na pagpapasiya.

6. Hindi ba sila nakauunawa noong hindi nila pinaniwalaan ang Pagkabuhay na Mag-uli at hindi ba nila napagmasdan ang kalangitan na nasa ibabaw nila, na kung paano Namin itinayo nang pantay-pantay ang mga sulok nito, na matatag ang pagkakatayo, at pinalamutian Namin ito ng mga bituin, na ito ay wala man lamang anumang pagkabiyak at pagkabako, na kung kaya, ito ay walang anumang siwang o puwang sa isa't isa at walang anumang kapintasan?

7. At ang kalupaan ay Aming pinalawak at inilatag, at naglagay Kami rito ng mga matatag na mga kabundukan; upang hindi yumanig at gumalaw, at nagpasibol Kami rito ng iba't ibang pananim na magkakaparis na mga magagandang tanawin na kapaki-pakinabang na magagalak ang sinumang nakakakita nito.

8. Nilikha ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan at kalupaan at ang anuman na nasa loob nito na mga dakilang palatandaan bilang aral sa sinumang nakakakita nito na di tulad ng sinumang mangmang na di nakababatid nito, at bilang paalaala sa lahat ng alipin na nagpapasailalim at natatakot sa Allâh (ﷻ) at nagbabalik-loob sa Kanya.

9. At ibinababa Namin mula sa kalangitan ang tubig-ulan na masagana ang kapakinabangan na nagmumula rito, at pinasibol Namin sa pamamagitan nito ang maraming puno sa mga hardin at mga butil na mga inaaning pananim.

10. At pinasibol din Namin ang mga matataas na mga puno ng palmeras ng datiles na kumpul-kumpol na mga bunga.

11. Pinasibol Namin ito bilang kabuhayan para sa Aming mga alipin na pinagmumulan ito ng kanilang ipinamumuhay ayon sa kanilang pangangailangan, at binubuhay pa rin Namin sa pamamagitan ng tubig na ito na ibinaba mula sa kalangitan ang mga bayan na sinalanta ng tagtuyot at taggutom, na walang anumang pananim at mga halamanan, at kung paano Namin binubuhay ang tuyot na kalupaan sa pamamagitan ng tubig na ito ay ganoon din Namin kayo bubuhayin na mag-uli sa Araw ng Muling Pagkabuhay pagkatapos ng inyong kamatayan.

12-14. Hindi naniwala ang mga nauna kaysa sa mga paganong Quraysh na tulad ng sambayanan ni Nûh at ang mga nanirahan sa '*Ar-Rass*' na sambayanan ni Thamoud na kung saan nandoroon ang bukal na balon na kanilang iniinuman, at ang sambayanan ni `Âd, ni Fir`âwn at ni Lût, at ang mga nanirahan sa '*Ayka*' na mga kakahuyan na sambayanan ni Shu`ayb, at mga sambayanan ni Tubba` Al-Himyari, lahat sila ay mga sambayanan na hindi naniwala sa kanilang mga Sugo, na kung kaya, natupad sa kanila ang mga babala na ibinabala sa kanila ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang di-paniniwala.

15. Nahirapan ba Kami noong ginawa Namin ang unang paglikha na ginawa Namin mula sa wala, nang sa gayon ay mahirapan din Kami na uliting muli ang paglikha nito pagkatapos nitong maagnas? Hindi Kami nahirapan sa paglikha nito sa halip ay napakadali nito para sa Amin, subali't sila ay nasa pag-aalinlangan hinggil sa Pagkabuhay na Mag-uli.



16. Katiyakan, nilikha Namin ang tao, at batid Namin kung ano ang ibinubuyo sa kanila ng kanilang mga sarili, at Kami ay mas malapit sa kanya (sa pamamagitan ng ganap na kaalaman) kaysa sa kanyang ugat sa leeg (na itong ugat na ito sa leeg ay karugtong ng puso).

17. Dapat na mabatid na isinusulat ng dalawang anghel na tagapagmasid sa tao sa lahat ng pagkakataon ang kanyang mga gawain, na isa sa kanyang kanan at isa sa kanyang kaliwa. At ang nasa kanan ay sumusulat ng mga kabutihan at ang nasa kaliwa naman ay sumusulat ng mga kasamaan.

18. At wala siyang binibigkas na anumang salita kundi mayroon Kaming anghel na tagapagmasid sa kanyang sasabihin at ito ay isinusulat para sa kanya, na ito ay anghel na kasama niya sa lahat ng pagkakataon na itinalaga para rito.

19. At darating ang sakit at kalanguan (pagkahilo) ng kamatayan bilang katotohanan na hindi mapipigilan at hindi matatakasan, at ito ay iyong tinatakasan, O ikaw na tao!

20. At hihipan ang trumpeta ng pangalawang pag-ihip bilang pagbubuhay na mag-uli, sa pag-ihip na ito ay sa Araw na mangyari ang ibinabala ng Allâh (ﷻ) sa mga walang pananampalataya.

21. At dumating kasama ng bawa't tao ang dalawang anghel, na ang isa ay kinakaladkad siya tungo sa lugar ng pagtitipun-tipon, at ang isa naman ay tumitestigo sa anuman na kanyang nagawa sa daigdig, mabuti man o masama.

22. (At sasabihin sa makasalanan): "*Katiyakan*, *ikaw ay naging pabaya hinggil sa Araw na ito na narating mo na ngayon*, *O ikaw na tao*, *at binuksan na Namin ang takip na nakatakip sa iyong puso*, *na kung kaya*, *natanggal sa iyo ang pagiging*

pabaya, *dahil nakikita mo na ngayon ang anuman na nakikita ng isang malakas na makapangyarihan.*"

23. At sinabi noong anghel na tagapagsulat na testigo laban sa kanya: "*Ang mga ito na nasa akin ay talaan ng lahat ng kanyang gawa*, *na ito ay nakahanda na nasa akin na pinangalagaan*, *na ngayon ay iuulat sa kanyang harapan.*"

24-26. Sasabihin ng Allâh (ﷻ) sa dalawang anghel na tagapagkaladkad at tagapagtestigo pagkatapos Niyang pagpasiyahan at hukuman ang pagitan ng mga nilikha: "*Itapon na ninyong pareho sa Impiyerno ang bawa't tumanggi sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ) *na nagpatuloy sa kanyang pagtanggi at di-paniniwala at pagmamatigas sa katotohanan*, *na hindi nagbabayad sa karapatan ng mga tao sa kanyang kayamanan*, *at nagmamalabis laban sa mga alipin ng Allâh at sa Kanyang batas*, *at nagdududa sa pangako at babala ng Allâh* (ﷻ), *na siya ay sumamba ng iba bukod sa Allâh*, *na sumamba mula sa nilikha ng Allâh*, *kaya itapon ninyo siya sa masidhing kaparusahan ng Impiyerno*."

27. Sasabihin ng kanyang '*Shaytân*' na kanyang kasa-kasama sa daigdig: "*O Allâh na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *hindi ko siya iniligaw kundi siya mismo ay nasa landas ng kamalian na malayo sa Landas ng Patnubay*." Sasabihin ng Allâh (ﷻ): "*Huwag kayong magtalo rito sa Akin ngayon na Araw ng Pagbabayad at Paghuhukom*; *dahil wala kayong mapapakinabangan na anuman sa pagtatalo ninyo ngayon*, *dahil walang pag-aalinlangang ipinarating Ko sa inyo sa daigdig ang Aking babala hinggil sa sinumang di-maniwala at lumabag sa Akin*."

29. "*Ang salita na mula sa Akin ay hindi mababago kailanman*, *at hindi Ko paparusahan ang sinuman sa kasalanan ng iba*, *na kung kaya*, *hindi Ko paparusahan ang sinuman maliban sa kung ano ang kanyang kasalanan na nagawa pagkatapos na ipinakita sa kanya ang katibayan*."

30. Ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), sa iyong sambayanan, ang Araw na sasabihin Namin sa Impiyerno, na ito ay sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "*Puno ka na ba?*" Sasabihin ng Impiyerno: "*Bakit mayroon pa bang karagdagan mula sa mga* '*Jinn*' *at mga tao?*" Na kung kaya, ilalagay ng Allâh (ﷻ) na Kataas-taasan ang Kanyang Paa[59] sa Impiyerno at masisiksik ito, at sasabihin ng Impiyerno: "*Husto na*, *Husto na!*"

[59]Ang katangiang ito at pagkilos na Kanyang tinataglay ay angkop na angkop lamang sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan, na walang paghahambing na ginagawa, na hindi binabago ang kahulugan, na sinasabi halimbawa na ito ay simbolo lamang, na hindi rin dapat tinatanong ang pagiging paano nito, kundi ito ay ganap na nababatay lamang sa Kanyang Kadakilaan at Kamaharlikaan.

31. At ilalapit ang '*Al-Jannah*' (Hardin) sa mga matatakutin sa Allâh sa lugar na di kalayuan sa kanila na ito ay napagmamasdan nila bilang karagdagan sa kanilang kasiyahan.

32-33. Sasabihin sa kanila: "*Ito ang ipinangako sa inyo*, *O kayong mga matatakutin – na ito ay para sa sinumang taimtim na nagsisi sa kanilang mga kasalanan*, *at isinagawa nila ang anumang gawain na magiging daan na mapalapit sila sa Allâh* (ﷻ) *na kanilang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na mga pag-uutos at mga pagsunod*, *at natakot sa Pinakamahabaging Allâh* (ﷻ) *at dala-dala ang dalisay na puso na punung-puno ng pagsisisi sa Araw ng Muling Pagkabuhay*."

34. At sasabihin sa kanila na mga mananampalataya: "*Pumasok na kayo sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*) *na kalakip ang kapayapaan mula sa anumang karamdaman at kasamaan*, *at ligtas sa lahat ng hindi kanais-nais*, *na ito ay Araw na ang buhay ay wala nang hanggan*."

35. Para sa kanila na mga mananampalataya sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ay ang lahat ng anuman na kanilang ninanais at mula pa rin sa Amin ay ipagkakaloob Namin sa kanila ang karagdagang kasiyahan, na ang pinakadakila sa lahat ng ito ay ang kanilang pagkakakita sa kagalang-galang na Mukha ng Allâh (ﷻ).

36. At pinuksa Namin ang maraming sambayanan na mga nauna kaysa sa mga Quraysh na mga sumamba sa iba bukod sa Allâh, na mas matindi ang kanilang lakas at kapangyarihan, na ang mga taong ito ay nagtayo ng mga tahanan sa iba't ibang bayan, na sila ay namuhay nang matatagal at doon sila ay winasak, na kung kaya, maaari bang matakasan ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ) kapag ito ay dumating sa kanila?

37. Katiyakan, sa pagkawasak ng maraming naunang henerasyon na nakalipas ay aral sa sinumang mayroong pusong nakaiintindi o di kaya ay tainga na nakaririnig, na mapagsaalang-alang na puso habang siya ay nakikinig na hindi siya pabaya.

38. At katiyakan, nilikha Namin ang pitong kalangitan at kalupaan at ang anumang nasa pagitan nito na iba't ibang uri ng mga nilikha sa loob ng anim na araw, at hindi Kami kailanman napagod sa paglikha nito.

At dito sa dakilang kapangyarihan na ito ang katibayan na mas higit ang kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) sa pagbuhay na mag-uli ng mga namatay.

39-40. Na kung kaya, magtiis ka, O Muhammad (ﷺ), sa anumang sinasabi ng mga walang pananampalataya, dahil ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangang nakamasid sa kanila, at magsagawa ka ng '*Salâh*' bilang papuri sa Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ng '*Salâtul Fajar*' – umagang '*Salâh*' bago sumikat ang araw, at '*Salâtul `Asr*' – '*Salâh*' sa hapon bago lumubog ang araw, at magsagawa ka ng '*Salâh*' mula sa mga oras ng gabi, at purihin mo ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha pagkatapos ng mga '*Salâh*.'

41-42. At makinig ka, O Muhammad (ﷺ), na sa Araw na mananawagan ang anghel sa pamamagitan ng pag-ihip ng trumpeta mula sa malapit na lugar, sa Araw na maririnig nila ang matinding sigaw (ingay) ('*As-Sayhah*') ng Pagkabuhay na Mag-uli bilang katotohanan na walang pag-aalinlangan ang hinggil dito, na ito ay Pagkabuhay na Mag-uli sa libingan ng mga nasa libingan.

43-44. Katiyakan, Kami ang nagbigay ng buhay sa mga nilikha at nagsasanhi ng kanilang kamatayan sa daigdig, at sa Amin sila magbabalik lahat sa Araw ng Muling Pagkabuhay para sa pagkukuwenta at pagtutumbas, sa Araw na mabibiyak ang kalupaan dahil sa ang mga namatay na inilibing dito ay mabilisang lalabas tungo sa nananawagan sa kanila, na ito ay ang pagtitipun-tipon sa lugar ng pagbabayad, na napakadali lamang nito para sa Amin.

45. Na Kami ang Ganap na Nakababatid sa mga sinasabi ng mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – na mga pagsisinungaling laban sa Allâh (ﷻ) at di-paniniwala sa Kanyang mga talata, at ikaw, O Muhammad (ﷺ), ay hindi tagapagpuwersa na ipipilit sa kanila ang Islâm, kundi ikaw ay ipinadala lamang para magparating ng mensahe sa kanila, na kung kaya, paalalahanan mo sa pamamagitan ng Qur'ân ang sinumang natatakot sa Aking babala; dahil sinuman ang hindi natatakot sa babala ay hindi makaaalaala.

سورة الذاريات 51

LI – Sûrat Adh-Dhâriyât

[**Kabanata Adh-Dhâriyât** – Ang Mga Hangin Na Nagpapakalat Ng Mga Alikabok]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-6. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng mga hangin na nagpapakalat ng mga alikabok, at sa mga ulap na nagdadala ng mga mabibigat na tubig, at sa mga sasakyang-pandagat na lumalayag nang banayad at payapa sa karagatan, at sa mga anghel na nagbabaha-bahagi sa kautusan ng Allâh (ﷻ) para sa kabuhayan ng Kanyang mga nilikha.

Katiyakan, ang ipinangako sa inyo, O sangkatauhan, na pagkabuhay na mag-uli at pagkukuwenta ay katotohanang magaganap, na ang pagkukuwenta at paggagantimpala sa mga gawain ay walang pag-aalinlangang mangyayari.



7-9. At sumumpa rin ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng kalangitan na maganda at maayos ang pagkakalikha nito, na katiyakan, O kayong mga walang pananampalataya ay nasa pagkalito hinggil sa inyong mga sinasabi sa Qur'ân at hinggil sa Sugo ng Allâh (ﷺ). Inilalayo mula sa Qur'ân at sa Sugo ng Allâh ang sinumang lumalayo sa paniniwala rito (sa dalawang ito) at lumalayo sa mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga walang pag-aalinlangang katibayan, na hindi ginabayan tungo sa kabutihan.

10-11. Kamatayan bilang sumpa sa kanila na mga sinungaling na nag-iimbento ng labag sa katotohanan, na sila ay nasa ilalim ng pagtanggi, pagkaligaw na patuloy sa kapabayaan.

12. Itinatanong nila na mga sinungaling bilang tanong ng di-paniniwala at pagtanggi: "*Kailan pa ba ang Araw ng Pagkukuwenta at Pagbabayad?*"

13-14. Ang Araw ng Pagbabayad na kung saan sila ay paparusahan doon sa pamamagitan ng pagsunog sa kanila sa Impiyerno, at sasabihin sa kanila: "*Lasapin ninyo ang parusa sa inyo*, *na inyong ipinamamadali noong kayo ay nasa daigdig pa*."

15-16. Katiyakan, ang mga yaong natakot sa Allâh sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga ipinagbabawal ay nasa kalagitnaan ng mga dakilang Hardin at mga bukal na umaagos, na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang lahat ng minimithi nila na iba't ibang uri ng kasiyahan, na ito ay kanilang tinatangkilik at sila ay nasisiyahan sa kanilang mga sarili.

Katiyakan, sila bago ang kasiyahan na ito ay mga mabubuting tao sa daigdig sa pamamagitan ng pagsagawa nila ng mga kabutihan.

17-18. Sila noon na mga mabubuti ay kakaunti lamang ang kanilang tulog sa gabi, dahil sa nagsasagawa sila ng '*Salâh*' sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at sila ay taimtim na sumasamba sa Kanya, at sa dulo ng gabi bago mag-'*fajr*' (pumitak ang liwanag) ay humihingi sila ng kapatawaran sa Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang mga kasalanan.

19. At sa kanilang mga kayamanan ay nagtatalaga sila ng bahagi bilang karapatan na obligado at di-obligado ng mga nangangailangan na namamalimos sa tao at saka sa mga yaong di-namamalimos dahil sa sila ay nahihiya.

20. At nasa kalupaan ang mga aral, ang mga malilinaw na mga palatandaan sa Kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) na Siyang naglikha nito para sa mga taong nakatitiyak sa kanilang paniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa pagiging totoo ng Kanyang Sugo.

21. At sa paglikha ng inyong mga sarili ay mga palatandaan sa kapangyarihan ng Allâh (ﷻ), at mga aral na nagtuturo sa inyo hinggil sa ganap na Kaisahan ng Lumikha sa inyo, na katotohanang wala kayong nararapat na sambahin bukod sa Kanya, samakatuwid, nakalimutan ba ninyo ito, at hindi ninyo ito nakikita upang mapagkunan ninyo ng aral?

22. At nasa kalangitan ang inyong kabuhayan at anumang ipinangako sa inyo na mabuti at masama, gantimpala at parusa, at bukod pa rito, lahat ito ay naitala at nakatakda.

23. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan mismo ng Kanyang Sarili na Napakadakila, na ang anumang ipinangako Niya sa inyo ay katotohanan, na kung kaya, huwag kayong mag-alinlangan hinggil dito na katulad ng hindi ninyo pag-aalinlangan sa inyong mga binibigkas.

24-25. Dumating na ba sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento hinggil sa mga kagalang-galang na panauhin ni Ibrâhim (عليه السلام) – at sila ay ang mga kagalang-galang na mga anghel (عليهم السلام) – noong sila ay pumasok sa kanyang tahanan at binati nila siya sa pamamagitan ng pagsasabi nila sa kanya: "*Salâm – kapayapaan*," at tinugunan niya sila ng pagbati na kanyang sinabi: "*Salâm – sumainyo ang kapayapaan*, *O kayo na mga dayuhan*, *na hindi namin kilala*."

26-27. Siya ay tumalikod at palihim na tumungo sa kanyang pamilya, at tumungo sa kanyang matabang alagang baka at kanyang kinatay, at inihain niya sa kanilang

harapan, at siya ay nagmagandang-loob sa pamamagitan ng pag-alok sa kanila na kumain: "*Hindi ba kayo kakain?*"

28. At nang makita niya na sila na hindi kumakain ay nakaramdam siya ng takot sa kanyang sarili sa kanila, kanilang sinabi sa kanya: "*Huwag kang matakot dahil sa walang pag-aalinlangang kami ay mga Sugo ng Allâh*," at ibinigay nila ang magandang-balita na ang kanyang asawa na si Sârah (عليها السلام) ay magkakaanak ng lalaki, na siya ay magiging kabilang sa mga maalam sa kaalaman hinggil sa Allâh (سبحانه وتعالى) at sa Kanyang '*Deen*,' na siya ay si Ishâq (عليه السلام).

29. At nang marinig ng asawa ni Ibrâhim (عليه السلام) ang sinasabi ng mga anghel na pagbibigay ng magandang balita ay humarap siya sa kanila na sumisigaw sa tuwa na di makapaniwala sa kanyang narinig, at pinagpapalo niya ang kanyang mukha bilang pagkamangha sa ibinalita at kanyang sinabi: "*Paano ako magkakaanak samantalang ako ay matanda na*, *na baog na hindi na ako magkakaanak?*"

30. Sinabi sa kanya ng mga anghel ng Allâh: "*Ganito ang sinabi ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *na iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na tulad ng ipinarating namin sa iyo*, *at Siya ang may kapangyarihan para rito*, *at walang nakapagtataka sa Kanyang Kapangyarihan*, *dahil Siya sa katotohanan*, *na luwalhati sa Kanya ay* '***Al-Hakeem***' *– ang Ganap na Maalam na inilalagay Niya ang mga bagay sa mga nararapat nitong paglagyan*, *na* '***Al-`Aleem***' *– ang Ganap na Nakaaalam sa ikabubuti ng Kanyang mga alipin*."



31-34. Sinabi ni Ibrâhim (عليه السلام) sa mga anghel: "*Ano ang inyong pakay at bakit kayo isinugo*, *O kayong mga sugo?*" Sinabi nila: "*Katiyakan*, *ipinadala kami ng Allâh sa mga tao na nagpakasama dahil sa kanilang pagtanggi at di-paniniwala sa Allâh*; *upang puksain namin sila sa pamamagitan ng pag-ulan ng mga bato na mula sa luwad na pinatigas na may tanda mula sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na ito ay para sa kanila na lumabag sa batas sa pamamagitan ng kanilang pagiging masama at paghihimagsik.*"

35. At pinaalis Namin mula sa bayan ng sambayanan ni Lût ang mga mananampalataya.

36. Na kung kaya, wala Kaming natagpuan sa bayan na yaon ng anumang tahanan ng mga Muslim maliban sa isa, na ito ay tahanan ni Lût (عليه السلام).

37. At nag-iwan Kami sa bayan na yaon ng bakas ng parusa na nanatili bilang tanda sa kapangyarihan ng Allâh (سبحانه وتعالى) at Kanyang kaparusahan sa mga di-naniwala, na ito ay aral sa sinuman na mga natatakot sa masidhing kaparusahan ng Allâh (سبحانه وتعالى).

38-39. At sa pagpapadala Namin kay Mousã (عليه السلام) tungo kay Fir`âwn at sa mga matataas na tao ni Fir`âwn na dala-dala niya ang mga talata at mga malilinaw na mga himala ay bilang tanda (rin) para sa mga yaong natatakot sa masidhing parusa. At tumanggi siya na nagmamataas dahil sa kanyang kapangyarihan at sa mga haligi (mga tauhan) ng kanyang kaharian na siyang nagpapalakas sa kanya, at kanyang sinabi hinggil kay Mousã (عليه السلام): "*Katiyakan*, *siya ay salamangkero o di kaya ay isang nasisiraan ng bait.*"

40. Na kung kaya, pinuksa Namin si Fir`âwn at ang kanyang mga sundalo, at itinapon Namin sila sa karagatan, habang ginagawa niya ang kasamaan na karapat-dapat na sisihin at papanagutin; dahil sa kanyang di-paniniwala, pagtanggi at paghihimagsik.

41-42. At sa nangyari naman sa sambayanan ni `Âd at sa pagpuksa sa kanila ay mga palatandaan (din), mga aral sa sinumang nagsusuri, dahil ipinadala Namin sa kanila ang hangin na walang dala-dala na anumang biyaya at kabutihan, na hindi nito iniiwan ang anumang bagay na nadaraanan kundi ginagawa nitong tuyot at winawasak nang lubusan.

43-44. At hinggil naman sa sambayanan ni Thamoud at sa pagpuksa sa kanila ay may mga palatandaan (din) at mga aral, noong sinabi sa kanila: "*Pansamantalang pakinabangan ninyo ang inyong buhay hanggang dumating ang inyong kamatayan*." At nilabag nila ang utos ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na kung kaya, pinuksa sila sa pamamagitan ng parusang '*Sâ`iqah*' – nakakikilabot na ingay ng kidlat o anumang masidhing kaparusahan – habang pinagmamasdan nila sa kanilang mga sariling mga mata ang parusa sa kanila.

45. Na kung kaya, hindi na nila nakayanang tumakas ni tumayo man lamang mula sa kanilang kinaroroonan na kaparusahan, at wala silang anumang nagawang pangangalaga sa kanilang mga sarili.

46. At pinuksa Namin ang sambayanan ni Nûh bago pa sa kanila, dahil ang mga ito ay walang pag-aalinlangang mga tao na lumabag sa kautusan ng Allâh (ﷻ), at naghimagsik na lumampas sa hangganang itinakda ng Allâh (ﷻ).

47. Ang kalangitan ay nilikha Namin na isinaayos Namin nang ganap ang pagkalikha nito, at ginawa Namin bilang bubong ng kalupaan, mula sa Aming lakas at dakilang kapangyarihan, at patuloy na pinalalawak Namin ang lahat ng bahagi nito.

48. At nilikha Namin ang kalupaan nang palatag upang pahingahan ng Aming mga nilikha, at anong galing at pagiging napakabuti Namin na Tagapaglatag (nito)!

49. Bawa't bagay na iba't ibang uri na nilikha Namin ay ginawa Namin na dalawang magkasalungat na magkaparis; upang maalaala ninyo ang kapangyarihan ng Allâh (ﷻ), at maging aral sa inyo.

50. Na kung kaya, magsiparoon kayo, O kayong mga tao, mula sa parusa ng Allâh tungo sa Kanyang Awa sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya at sa Kanyang Sugo, at sa pagsunod sa Kanyang ipinag-uutos at pagsagawa ng Kanyang kagustuhan, dahil walang pag-aalinlangang ako ay tagapagbabala sa inyo na malinaw ang aking ibinababala. At ang Sugo ng Allâh, kapag mayroong matinding bagay na nangyari sa kanya ay kaagad siyang nagsasagawa ng pagsa-'*Salah*,' at ang ganitong kaparaanan ay pagtakas mula sa parusa tungo sa Allâh (ﷻ).

51. At huwag kayong maglagay ng katambal sa Allâh (ﷻ) na iba pang sinasamba, dahil sa katiyakang ako ay mula sa Allâh (ﷻ) na nagbabala ng malinaw na babala para sa inyo.


الجزء السابع والعشرون سورة الذاريات

كَذَٰلِكَ مَآ أَتَى ٱلَّذِينَ مِن قَبۡلِهِم مِّن رَّسُولٍ إِلَّا قَالُواْ سَاحِرٌ أَوۡ مَجۡنُونٌ ﴿٥٢﴾
أَتَوَاصَوۡاْ بِهِۦۚ بَلۡ هُمۡ قَوۡمٞ طَاغُونَ ﴿٥٣﴾ فَتَوَلَّ عَنۡهُمۡ فَمَآ أَنتَ
بِمَلُومٖ ﴿٥٤﴾ وَذَكِّرۡ فَإِنَّ ٱلذِّكۡرَىٰ تَنفَعُ ٱلۡمُؤۡمِنِينَ ﴿٥٥﴾ وَمَا
خَلَقۡتُ ٱلۡجِنَّ وَٱلۡإِنسَ إِلَّا لِيَعۡبُدُونِ ﴿٥٦﴾ مَآ أُرِيدُ مِنۡهُم مِّن رِّزۡقٖ
وَمَآ أُرِيدُ أَن يُطۡعِمُونِ ﴿٥٧﴾ إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلرَّزَّاقُ ذُو ٱلۡقُوَّةِ ٱلۡمَتِينُ
﴿٥٨﴾ فَإِنَّ لِلَّذِينَ ظَلَمُواْ ذَنُوبٗا مِّثۡلَ ذَنُوبِ أَصۡحَٰبِهِمۡ فَلَا يَسۡتَعۡجِلُونِ
﴿٥٩﴾ فَوَيۡلٞ لِّلَّذِينَ كَفَرُواْ مِن يَوۡمِهِمُ ٱلَّذِي يُوعَدُونَ ﴿٦٠﴾

سُورَةُ الطُّورِ

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

وَٱلطُّورِ ﴿١﴾ وَكِتَٰبٖ مَّسۡطُورٖ ﴿٢﴾ فِي رَقّٖ مَّنشُورٖ ﴿٣﴾ وَٱلۡبَيۡتِ
ٱلۡمَعۡمُورِ ﴿٤﴾ وَٱلسَّقۡفِ ٱلۡمَرۡفُوعِ ﴿٥﴾ وَٱلۡبَحۡرِ ٱلۡمَسۡجُورِ ﴿٦﴾ إِنَّ
عَذَابَ رَبِّكَ لَوَٰقِعٞ ﴿٧﴾ مَّا لَهُۥ مِن دَافِعٖ ﴿٨﴾ يَوۡمَ تَمُورُ ٱلسَّمَآءُ
مَوۡرٗا ﴿٩﴾ وَتَسِيرُ ٱلۡجِبَالُ سَيۡرٗا ﴿١٠﴾ فَوَيۡلٞ يَوۡمَئِذٖ لِّلۡمُكَذِّبِينَ
﴿١١﴾ ٱلَّذِينَ هُمۡ فِي خَوۡضٖ يَلۡعَبُونَ ﴿١٢﴾ يَوۡمَ يُدَعُّونَ إِلَىٰ نَارِ
جَهَنَّمَ دَعّٗا ﴿١٣﴾ هَٰذِهِ ٱلنَّارُ ٱلَّتِي كُنتُم بِهَا تُكَذِّبُونَ ﴿١٤﴾

52. Na kung paano di-naniwala ang mga Quraysh sa Propeta na si Muhammad (ﷺ), na kanilang sinabi: "*Siya ay manunula o di kaya ay salamangkero*, *o di kaya ay nasisiraan ng bait*," ay ganoon din ang ginawa ng mga naunang tao kaysa sa kanila na di-naniwala sa kanilang mga Sugo, na kung kaya, pinarating ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang Kanyang kaparusahan.

53. Nagpayuhan ba ang mga nauna at saka ang yaong huli sa pagtanggi at di-paniniwala sa Sugo, noong sinabi nilang lahat ang ganito? Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan kundi sila ay mga masasama na magkakapareho ang kanilang mga puso at mga gawain na di-paniniwala at paglabag, na kung kaya, sinabi ng mga huli sa kanila ang katulad ng sinabi ng mga nauna.

54. Na kung kaya, pabayaan mo na, O Muhammad (ﷺ), ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, hanggang dumating sa iyo ang anumang pinagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) para sa kanila, at di ka sisisihin ng sinuman dahil katiyakang naiparating mo ang anumang mensahe na ipinadala sa iyo.

55. At kalakip ng iyong pagtalikod sa kanila, O Muhammad (ﷺ), at pagbalewala sa kanilang pagpapahiya sa iyo, ay ang pagpapatuloy mo na pag-anyaya tungo sa Allâh (ﷻ), at pagpapayo sa kanila na kung saan ikaw ay ipinadala; dahil katiyakang ang pagpapaalaala at pagpapayo ay mapakikinabangan ng mga taong may pananampalataya ang puso, at nandirito sa dalawang bagay na ito ang katibayan sa mga tumanggi.

56. At hindi Ko nilikha ang '*Jinn*' at ang tao, at sa pagkapadala ng lahat ng mga Sugo kundi sa napakataas na uri ng layunin, na ito ay sambahin lamang Ako nang bukod-tangi at wala nang iba pa.

57. At hindi Ko kailangan mula sa kanila ang kabuhayan at hindi Ko kailangan na Ako ay pakainin nila, dahil walang pag-aalinlangan, Ako ang nagbibigay ng kabuhayan at Tagapagkaloob. Na ang Allâh (ﷻ), luwalhati sa Kanya ay hindi

nangangailangan sa Kanyang mga nilikha, sa halip sila ang mga nangangailangan sa Kanya sa lahat ng pagkakataon, na Siya na lumikha sa kanila at bumubuhay sa kanila ang ganap na hindi nangangailangan sa kanila at sa kahit na anupaman.

58. Katiyakang ang Allâh (ﷻ), Siya ay '***Ar-Razâq***' – ang Bukod-Tanging Tagapagkaloob ng kabuhayan sa Kanyang mga nilikha at ginagarantiyahan Niya ang kanilang kabuhayan, na '***Dhul Qûwatil Mateen***' – ang Tagapagtangan ng Matibay na Lakas, na di-nagagapi at di-natatalo dahil Pagmamay-ari Niya ang lahat ng kapangyarihan at lakas.

59. Katiyakan, para sa mga masasama na tinanggihan ang Sugo na si Muhammad (ﷺ), ang bahagi ng parusa mula sa Allâh (ﷻ) na ito ay walang pag-aalinlangang darating sa kanila, na tulad ng bahagi ng parusa na iginawad sa mga nauna kaysa sa kanila, na kung kaya, huwag nilang madaliin ang parusa dahil ito ay tiyak na darating sa kanila na walang pag-aalinlangan.

60. Na kung kaya, kapighatian, kapahamakan, sa mga yaong di-naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo sa Araw na ipinangako sa kanila na pagdating ng parusa, na ito ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay.

سورة الطور 52

LII – Sûrat At-Tûr

[**Kabanata At-Tûr** – (Ang Bundok ng) Tûr]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-6. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng '*Tûr*' na ito ay bundok na may mga puno, na rito nakipag-usap ang Allâh (ﷻ) kay Mousã (عليه السلام), at sumumpa rin ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Aklat na naisulat, na ito ay ang Qur'ân na nasa iskrip ('*script*') na hindi nakatiklop (di nakarolyo), at gayundin sa '*Baitul Ma`mour*' (na nasa ikapitong kalangitan) na roon umiikot ang mga kagalang-galang na mga anghel bilang pagsasagawa ng '*Tawaf*,' at gayundin sa bubong na itinaas, na ito ay ang mababang kalangitan, at sumumpa rin ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng karagatan na mag-uumapaw na parang naglalagablab na apoy.

7-10. Walang pag-aalinlangan, ang kaparusahan ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), sa mga walang pananampalataya ay katiyakang magaganap, na walang sinuman ang makapipigil sa pagdating nito, sa Araw na

yayanig ang kalangitan at mawawasak ang istruktura o kaayusan nito at magkakasalpukan ang mga bahagi nito, at ito ang katapusan ng buhay dito sa daigdig, at gagalaw at aalis ang mga kabundukan mula sa kinaroroonan nito na gagalaw na tulad ng mabilis (o nakapangingilabot) na paggalaw ng mga ulap.

11-12. Na kung kaya, magaganap ang kapahamakan sa Araw na yaon sa mga tumanggi, na sila ay ang mga yaong patuloy na naglalaro sa kamalian at itinuturing nila ang '*Deen*' (o Relihiyon) na katatawanan at ito ay kanilang pinaglalaruan.

13-14. Ang Araw na itutulak sila na mga walang pananampalataya nang matinding pagkakatulak at sapilitan at pagpapahamak tungo sa Impiyernong-Apoy, at sasabihin sa kanila bilang pag-aalipusta: "*Ito na ang Impiyernong-Apoy na kinasanayan ninyong tanggihan*."


أَفَسِحْرٌ هَٰذَآ أَمْ أَنتُمْ لَا تُبْصِرُونَ ﴿١٥﴾ اصْلَوْهَا فَاصْبِرُوٓا
أَوْ لَا تَصْبِرُوا سَوَآءٌ عَلَيْكُمْ إِنَّمَا تُجْزَوْنَ مَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿١٦﴾
إِنَّ الْمُتَّقِينَ فِي جَنَّٰتٍ وَنَعِيمٍ ﴿١٧﴾ فَٰكِهِينَ بِمَآ ءَاتَىٰهُمْ رَبُّهُمْ
وَوَقَىٰهُمْ رَبُّهُمْ عَذَابَ الْجَحِيمِ ﴿١٨﴾ كُلُوا وَاشْرَبُوا هَنِيٓـًٔا بِمَا
كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿١٩﴾ مُتَّكِـِٔينَ عَلَىٰ سُرُرٍ مَّصْفُوفَةٍ وَزَوَّجْنَٰهُم
بِحُورٍ عِينٍ ﴿٢٠﴾ وَالَّذِينَ ءَامَنُوا وَاتَّبَعَتْهُمْ ذُرِّيَّتُهُم بِإِيمَٰنٍ أَلْحَقْنَا
بِهِمْ ذُرِّيَّتَهُمْ وَمَآ أَلَتْنَٰهُم مِّنْ عَمَلِهِم مِّن شَىْءٍ كُلُّ امْرِئٍۭ بِمَا كَسَبَ
رَهِينٌ ﴿٢١﴾ وَأَمْدَدْنَٰهُم بِفَٰكِهَةٍ وَلَحْمٍ مِّمَّا يَشْتَهُونَ ﴿٢٢﴾ يَتَنَٰزَعُونَ
فِيهَا كَأْسًا لَّا لَغْوٌ فِيهَا وَلَا تَأْثِيمٌ ﴿٢٣﴾ وَيَطُوفُ عَلَيْهِمْ غِلْمَانٌ
لَّهُمْ كَأَنَّهُمْ لُؤْلُؤٌ مَّكْنُونٌ ﴿٢٤﴾ وَأَقْبَلَ بَعْضُهُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ يَتَسَآءَلُونَ
﴿٢٥﴾ قَالُوٓا إِنَّا كُنَّا قَبْلُ فِىٓ أَهْلِنَا مُشْفِقِينَ ﴿٢٦﴾ فَمَنَّ اللَّهُ
عَلَيْنَا وَوَقَىٰنَا عَذَابَ السَّمُومِ ﴿٢٧﴾ إِنَّا كُنَّا مِن قَبْلُ
نَدْعُوهُ إِنَّهُۥ هُوَ الْبَرُّ الرَّحِيمُ ﴿٢٨﴾ فَذَكِّرْ فَمَآ أَنتَ بِنِعْمَتِ
رَبِّكَ بِكَاهِنٍ وَلَا مَجْنُونٍ ﴿٢٩﴾ أَمْ يَقُولُونَ شَاعِرٌ نَّتَرَبَّصُ بِهِۦ رَيْبَ
الْمَنُونِ ﴿٣٠﴾ قُلْ تَرَبَّصُوا فَإِنِّى مَعَكُم مِّنَ الْمُتَرَبِّصِينَ ﴿٣١﴾

15-16. Ito bang nasasaksihan ninyo na kaparusahan ay isang salamangka (lamang) o kayo ba ay hindi nakakakita? Lasapin ninyo ang init ng apoy nito at tiisin ninyo ang sidhi at tindi ng sakit nito, o di man ninyo ito titiisin ay hindi pa rin pagagaanin sa inyo ang kaparusahan magpakailanman at kailanman ay hindi na kayo makaaalis pa mula rito, na kung kaya, pareho rin kung magtiis kayo o hindi, katiyakang tinutumbasan lamang kayo sa anuman na inyong ginawa sa daigdig.

17-18. Katiyakan, ang mga matakutin sa Allâh ay nasa mga Hardin at dakilang kasiyahan, nagpapakasiya sila sa anumang ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila roon na mga kasiyahan na iba't ibang uri, at iniligtas sila ng Allâh (ﷻ) mula sa kaparusahan sa Impiyerno.

19-20. Kumain at uminom kayo nang may kagalakan; bilang katumbas ng inyong nagawa na mga kabutihan sa daigdig. At sila ay nakasandal sa mga trono na magkakaharap, at pinagkalooban Namin sila ng mga asawa na mga mapuputi na mga magagandang kababaihan na mga maniningning na mabibilog na kaibig-ibig ang kanilang mga mata.

21. At ang mga yaong naniwala sa Allâh at sinunod sila ng kanilang mga anak sa paniniwala, ay ipinararating Namin sa kanilang mga anak ang kanilang magiging antas sa '*Al-Jannah*' (Hardin), kahit hindi nila naabot ang gawain ng kanilang mga magulang; upang higit na masiyahan ang paningin ng kanilang mga magulang dahil sa kanilang mga anak na naging kapareho nila ang antas sa '*Al-Jannah*' (Hardin), na kung kaya, pagsasamahin sila sa pinakamagandang pagsasama at kailanman ay wala Kaming anumang ibabawas sa gantimpala ng kanilang mga gawain. Bawa't tao ay mananagot sa anuman na kanyang nagawa at di niya pananagutan ang kasalanan ng ibang tao.

22-23. At daragdagan Namin sila ng higit pa sa nabanggit na kasiyahan na mga prutas at mga karne na napakasarap, at kabilang sa mga kasiyahan na ito ay sila sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ay nagpapasahan ng mga inumin na nasa kopita ng alak; upang lalong mabuo ang kanilang kasiyahan, at itong inumin na ito ay hindi katulad ng alak sa daigdig, dahil hindi nahihilo ang isip ng umiinom nito at hindi nakagagawa ng anumang kahalayan at walang kabuluhang bagay at hindi nakapagsasalita ng kasalanan.

24. At nakapalibot sa kanila ang mga kabataan na itinalaga upang manilbihan sa kanila, na sila na mga kabataan na ito dahil sa linis, kaputian at kaayusan ay para silang mga perlas na iningatan.

25-28. At magkakaharap ang mga nasa '*Al-Jannah*' na tatanungin nila ang isa't isa sa dakilang bagay na kanilang natamo at ang mga kadahilanan nito, na kanilang sasabihin: "*Katiyakan*, *tayo noong nasa daigdig pa na kasa-kasama natin ang ating mga pamilya ay natatakot tayo sa Allâh* (ﷻ) *na ating* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *na kinatatakutan natin ang Kanyang kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay*, *na kung kaya*, *ipinagkaloob ng Allâh* (ﷻ) *sa atin ang Patnubay at Gabay*, *at iniligtas mula sa masidhing parusa sa Impiyerno*, *na ito ay Apoy at ang init nito. At katiyakan*, *tayo noon ay nagsusumamo na sumasamba sa Kanya na Bukod-Tangi na hindi tayo sumamba ng iba bukod sa Kanya, na hinihingi natin na iligtas tayo sa masidhing parusa at iparating sa atin ang walang-hanggang kaligayahan*, *na kung kaya*, *dininig Niya tayo at ipinagkaloob ang ating kahilingan*, *dahil walang pag-aalinlangang Siya ay* '***Al-Barr***' *– ang Pinakamabait*, *Kapita-pitagan*, *at Ganap na Mapagbigay*, *na* '***Ar-Raheem***' *– ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal. At kabilang sa Kanyang Kabaitan at Awa sa atin ay ipinagkaloob Niya sa atin ang Kanyang Pagmamahal at* '*Al-Jannah*' (*Hardin*), *at iniligtas tayo mula sa Kanyang galit at sa Impiyerno*."

29. Paalalahanan mo sila, O Muhammad (ﷺ), sa pamamagitan ng Dakilang Qur'ân, na kung saan ikaw ang pinagpahayagan nito, dahil ikaw na pinagkalooban ng Allâh (ﷻ) ng pagiging Propeta at talino ay hindi manghuhula sa mga '*Ghayb*' (mga bagay na di-nakikita) na wala kang kaalam-alam at hindi ka rin nasiraan ng bait na hindi mo alam kung ano ang iyong sinasabi, na tulad ng kanilang inaangkin.

30-31. Sinasabi ba ng mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – sa iyo, O Muhammad (ﷺ): "*Siya ay isang manunula na inaabangan na lamang namin ang takdang panahon na siya ay mamamatay?*" Sabihin mo sa kanila: "*Hintayin na ninyo ang aking kamatayan dahil ako sa katunayan ay naghihintay din kasama ninyo ng pagdating ng kaparusahan sa inyo at makikita ninyo kung sino ang magtatagumpay*."



32. O di kaya ay inuutusan mo ba sila na mga pinasisinungalingan ang kanilang kaisipan sa ganitong salitang magkakasalungat (dahil ang katangian ng pagiging manghuhula, manunula at pagkasira ng kaisipan ay hindi maaaring mangyari sa isang tao nang magkakasabay), sa halip sila ay mga tao na lumalampas sa hangganang itinakda ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng mga ganitong gawain.

33. O sinasabi ba nila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, na inimbento ni Muhammad (ﷺ) ang Dakilang Qur'ân mula sa kanyang sarili? Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan kundi hindi talaga sila mga naniwala, dahil kung naniwala sila ay hindi sila magsasabi ng ganito.

34. Na kung kaya, magpakita sila ng mga paghahayag na katulad ng Dakilang Qur'ân kung sila ay mga totoo sa kanilang pag-aangkin na si Muhammad (ﷺ) ay inimbento lamang ito.

35. O sila ba na mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – ay nilikha nang walang tagapaglikha, o sila mismo ang naglikha ng kanilang mga sarili? Ang dalawang bagay na ito ay parehong mali at imposible na kailanman ay hindi maaaring maging totoo. Na kung kaya, pinatunayan ng Allâh (ﷻ) na Siya ang lumikha sa kanila, at Siya lamang ang Bukod-Tangi na walang dapat na sambahin bukod sa Kanya.

36. O nilikha ba nila ang mga kalangitan at kalupaan na ang ganitong pagkakalikha ay napakaganda? Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan kundi bagkus ay hindi talaga sila naniniwala sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) kaya sila ay sumasamba ng iba.

37. O nasa pagtatangan ba nila ang mga imbakan ng mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na sila ang nangangasiwa nito, o sila ay mga mapagmalupit sa mga nilikha ng Allâh (ﷻ) na mapang-api sa pamamagitan ng

pangunguntrol at pang-aapi? Ang katotohanan ay hindi ang kanilang inaakala kundi sila ay mahihina at mga walang lakas.

38. O mayroon ba silang hagdanan tungo sa kalangitan na napapakinggan nila sa pamamagitan nito ang kapahayagan, na kung kaya, ang pinanghahawakan nila ay totoo? Samakatuwid, magpakita ng malinaw na katibayan ang sinumang nag-aangking napapakinggan niya ang pagpapahayag bilang pagpapatunay ng kanyang pag-aangkin.

39. O ang Pagmamay-ari lamang ba ng Allâh (ﷻ) ay mga anak na kababaihan at kayo ay pagmamay-ari ninyo ang mga anak na kalalakihan na tulad ng inyong pag-aangkin bilang kasinungalingan?

40. O nanghihingi ka ba sa kanila na mga '*Mushrikin*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – ng kabayaran bilang kapalit ng pagpapaparating ng iyong mensahe sa kanila, na sila naman ay nahihirapan na ipatupad ang iyong kahilingan sa kanila?

41. O nasa kanila ba ang kaalaman hinggil sa mga '*Ghayb*' – mga bagay na di-nakikita – na ito ay kanilang isinusulat at ibinabalita sa mga tao? Ang katotohanan ay hindi ang kanilang inaakala; dahil walang pag-aalinlangang walang sinuman ang nakaaalam ng anumang lihim sa mga kalangitan at kalupaan bukod sa Allâh (ﷻ).

42. O nagbabalak ba sila ng pakana laban sa Sugo ng Allâh (Muhammad ﷺ) at mananampalataya? Subali't katiyakang bumabalik lamang sa kanilang mga sarili na mga walang pananampalataya ang kanilang mga masasamang pakana.

43. O mayroon ba silang sinasamba na karapat-dapat na sambahin bukod sa Allâh? Luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Siya ay malayo mula sa anuman na kanilang sinasamba, dahil wala Siyang kahati sa Kanyang pagiging Tagapagmay-ari ng lahat at wala Siyang katambal sa Kanyang Kaisahan at sa pagsamba sa Kanya.

44. At kapag nakita na ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh ang mga pira-pirasong kalangitan na bumabagsak sa kanila bilang parusa na hindi na nila mababago pa ang kalagayan nila na pagtanggi (kapag ito ay nangyari), ay sasabihin nila: "*Ito ay mga ulap na nagkumpul-kumpulan!*"

45. Na kung kaya, hayaan mo na sila, O Muhammad (ﷺ), na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh hanggang sa sila ay makarating sa Araw na sila ay pupuksain, na ito ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay.

46. Sa Araw na hindi sila maililigtas ng kanilang pakana mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ), at kailanman ay wala silang makatutulong upang sila ay mapangalagaan mula sa parusa ng Allâh (ﷻ).

47. At katiyakan, para sa kanila na mga masasama ay parusa rito sa daigdig bukod pa sa kaparusahan sa Kabilang-Buhay, na tulad ng pagpatay sa kanila o pagbihag at parusa sa libingan at iba pa, subali't magkagayunpaman ang karamihan sa kanila ay hindi nila ito batid.

48-49. Na kung kaya, maghintay ka na may pagtitiis, O Muhammad (ﷺ), sa pinagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at sa Kanyang pag-uutos na pagpapadala Niya sa iyo ng mensahe at sa anumang matatamo mo na pagpapahirap ng iyong sambayanan, dahil Kami ang Tagapagmasid at nangangalaga sa iyo; at luwalhatiin mo ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang pasasalamat sa Kanya habang ikaw ay nakatayo sa iyong pagsa-'*Salâh*,' at sa paggising mo mula sa iyong pagtulog at sa bahagi ng gabi, na luwalhatiin Mo siya bilang papuri sa Kanya at pagdakila, at magsagawa ka ng '*Salâh*' sa Kanya, at gawin mo ito sa '*Fajr*' (sa pagpitak ng liwanag) at sa pagkawala (o paglaho) ng mga bituin.

Sa talatang ito ang pagpapatunay sa katangian ng dalawang Mata na pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) na angkop na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan, na walang paghahambing sa alinman sa Kanyang mga nilikha at walang pagtatanong sa kung ano ang pagiging paano nito sa Kanyang Sarili, luwalhatiin ang Kanyang mga papuri, na katulad ng pinatunayan ng '*Sunnah*' at napagkasunduan ng mga naunang butihing mga Muslim, at ang pagkabanggit dito ay pangngalang pangmaramihan bilang pagdakila.

سورة النجم 53

LIII – Sûrat An-Najm

[**Kabanata An-Najm** – Ang Bituin]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-4. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng bituin kapag ito ay lumubog (o naglaho), kailanman ay hindi lumihis si Muhammad (ﷺ) sa Daan ng Patnubay at Katotohanan, at hindi lumabas sa Gabay kundi siya ay nasa tunay at ganap na pagiging matuwid at pagiging totoo, at ang kanyang sinasabi ay hindi nagmula sa kanyang sariling kagustuhan kundi ang Qur'ân at ang '*Sunnah*' ay walang iba kundi kapahayagan na mula sa Allâh (ﷻ) tungo sa Kanyang Propeta na si Muhammad (ﷺ).

5-11. Tinuruan si Muhammad (ﷺ) ng anghel na makapangyarihan at nagtataglay ng magandang kaanyuan, na siya ay si Jibril (عليه السلام) na lumitaw at nagpanatili sa tunay niyang anyo na nagpakita sa Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ), na siya ay nasa mataas na bahagi ng '*Horizon*' (o guhit-tagpuan ng langit at lupa), na ito ay nasa bahaging itaas ng araw pagkasikat nito, pagkatapos ay lumapit pa nang mas malapit si Anghel Jibril (عليه السلام) sa Sugo ng Allâh (ﷺ), na ang kanyang paglapit ay kasinghaba ng pagitan ng dalawang busog ng palaso o mas malapit pa kaysa rito. At ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang alipin na si Muhammad (ﷺ) ang anumang Kanyang kapahayagan sa pamamagitan ni Jibril (عليه السلام), na kailanma'y hindi pinasinungalingan ng puso ni Muhammad (ﷺ) ang anumang nakita ng kanyang mata.

12-18. Pasisinungalingan ba ninyo kung gayon si Muhammad (ﷺ) at makikipagtalo kayo sa kanya sa anumang kanyang napagmasdan at nakita na mga palatandaan ng Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha? At katiyakang nakita ni Muhammad (ﷺ) si Anghel Jibril (عليه السلام) nang pangalawang pagkakataon doon sa '*Sidrat Al-Muntahâ*' – isang puno ng Sidr, na ito ay nasa pinakadulong lugar ng pitong kalangitan, na roon nagtatapos ang anumang iniaakyat mula sa kalupaan at ganoon din ang lahat ng ibinababa mula sa lugar na kataas-taasan, at nandoroon ang '*Al-Jannah*' (Hardin) na ipinangakong patutunguhan ng mga matatakutin sa Allâh.

Kapag natakpan na ang puno ng Sidr ng anumang nakatatakip nito (na katulad ng liwanag at panlatag na gawa sa ginto) na yaon ay kabilang sa dakilang bagay hinggil sa Allâh (ﷻ) na walang sinuman ang nakaaalam nito kundi ang Allâh (ﷻ). At ang Propeta Muhammad (ﷺ) na nasa kanya ang dakilang katangian na katatagan ng paniniwala at pagsunod, ay hindi bumaling ang kanyang paningin sa kanan man o kaliwa, at hindi niya nalampasan ang anumang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) na kanyang makikita. At katiyakan, nakita ni Muhammad (ﷺ) sa gabi ng '*Mi`raj*' ang ilan sa mga dakilang palatandaan ng Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na nagpapatunay ng Kanyang Kapangyarihan at Kadakilaan na katulad ng '*Al-Jannah*' (Hardin) at Impiyerno at iba pa.

19-20. Na kung kaya, ano naman ang masasabi ninyo, O kayong mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, sa mga diyus-diyusan na ito na inyong sinasamba: si '*Al-Lât*,' si '*Al-`Uzzâ*' at '*Al-Manât*' na pangatlo, nakapagdulot ba sila ng kapakinabangan o nakapagsanhi ba sila ng kapahamakan upang sila ay ituring na mga katambal ng Allâh?

21-23. Pinili ba ninyo para sa inyo ang mga anak na kalalakihan na ito ang inyong kinalulugdan, at itinangi ninyo sa Allâh (ﷻ) ayon sa inyong pag-aangkin ang mga anak na kababaihan na hindi kayang tanggapin ng inyong mga sarili? Yaon ang pinakasukdulang hindi makatarungang pagbabaha-bahagi!

Itong mga rebulto na inyong sinasamba ay walang iba kundi mga pangalan lamang na walang anumang ganap na katangian, kundi ito ay mga pangalan lamang na ipinangalan ninyo sa mga ito, kayo at ang inyong mga ninuno, ayon sa inyong maling kagustuhan, na kailanman ay hindi nagbaba ang Allâh (ﷻ) ng katibayan para rito bilang pagpapatunay sa inyong pag-angkin, na walang sinusunod ang mga sumasamba ng iba kundi haka-haka lamang at ang lihis na kagustuhan ng kanilang mga sarili na labas sa matuwid na paninindigan, gayong katiyakang dumating sa kanila mula sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha ayon sa pagpapahayag ni Propeta Muhammad (ﷺ), ang anumang bagay na nandoroon ang Patnubay para sa kanila subali't ito ay hindi nila napakinabangan!

24-25. O wala sa kakayahan ng tao ang anumang hinahangad niyang tulong mula sa kanyang mga sinasamba o sa ibang bagay na pinagnanasaan ng kanyang sarili kundi Bukod-Tangi lamang na Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang anumang bagay sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

26. At karamihan sa mga anghel sa mga kalangitan, gaano man kataas ang kanilang mga antas ay walang pakinabang ang kanilang pamamagitan maliban kung pahintulutan sila ng Allâh (ﷻ) na mamagitan o tutulong, at naging kalugud-lugod sa Allâh (ﷻ) ang sinuman na kanilang tutulungan.



27-28. Ang mga yaong hindi naniwala sa buhay sa Kabilang-Buhay na mga walang pananampalatayang Arabo at hindi nila ito pinaghandaan ay pinangalanan nila ang mga anghel ng pangalang kababaihan; dahil sa kanilang kamangmangan na paniniwala na ang mga anghel ay kababaihan, na ang mga ito ay mga anak na kababaihan (daw) ng Allâh (ﷻ). At wala silang anumang tamang kaalaman na nagpapatunay ng kanilang sinabi, kundi ang sinusunod lamang nila ay haka-haka na walang anumang kabuluhan, na walang pag-aalinlangang kailanman ang haka-haka ay hindi maaaring ipanghalili sa katotohanan.

29-30. Na kung kaya, pabayaan mo na, O Muhammad (ﷺ), ang sinumang lumayo mula sa Aming Paalaala na ito ay ang Dakilang Qur'ân, at wala siyang hangarin kundi makamundong buhay lamang. At ito lamang ang inabot ng kanilang kaalaman at hangarin. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang Ganap na Nakaaalam kung sinuman ang lumihis mula sa katotohanan at Ganap na Nakaaalam sa sinumang sumunod at sinunod ang Daan ng Islâm.

Dito sa talatang ito ang matinding babala sa mga masasama na tumalikod sa pagsunod sa Qur'ân o sa Aklat ng Allâh (ﷻ) at sa '*Sunnah*' ni Propeta Muhammad (ﷺ), na mas higit na pinili nila ang kagustuhan ng kanilang mga sarili at kapakinabangan ng makamundong buhay kaysa sa Kabilang-Buhay.

31-32. Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang kaharian sa anumang nasa mga kalangitan at anumang nasa kalupaan; upang tumbasan Niya ang sinumang gumawa ng masama sa pamamagitan ng pagpaparusa sa kanila ayon sa kanilang nagawang kasamaan, at tutumbasan din ang sinumang gumawa ng mabuti ng '*Al-Jannah*' (Hardin).

Sila na mga yaong nilalayuan (iniiwasan) ang mga malalaking kasalanan at mga mahalay na gawain maliban sa mga maliliit na kamalian na ito ay ang mga maliliit na kasalanan na hindi sinasadya ang pagsagawa nito, at kasama ang pagsagawa ng mga

obligado at pag-iwas ng mga ipinagbawal ay pinatatawad ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang mga ito at sila ay pagtatakpan ng Allâh (ﷻ). Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay malawak ang Kanyang kapatawaran, na Siya ang Ganap na Nakaaalam sa inyong kalagayan noong paglikha pa lamang Niya ng inyong ama na si Âdam mula sa alabok, at noong kayo ay mga sanggol na nasa sinapupunan pa lamang ng inyong mga ina, na kung kaya, huwag ninyong labis-labis na purihin ang inyong mga sarili at huwag ninyong iangat at itangi ang lubos na kalinisan sa inyong mga sarili; dahil Siya ang Ganap na Nakaaalam kung sinuman ang makaliligtas sa Kanyang parusa na umiwas sa paglabag sa Kanya mula sa Kanyang mga alipin.

33-34. Di mo ba napagmasdan, O Muhammad (ﷺ), siya na tumalikod sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at nagbigay ng kakaunti lamang mula sa kanyang kayamanan, pagkatapos ay tumigil na siya sa pagbigay at hindi na nagkawanggawa?

35. Mayroon bang nabanggit sa kanya na tumigil sa pagkakawanggawa hinggil sa lihim na kaalaman na nabatid niya na mauubusan siya ng kayamanan kapag siya ay patuloy na nagkawanggawa, na nakikita niya ito sa pamamagitan ng kanyang mga mata, na kung kaya, siya ay tumigil sa pagsagawa nito? Ang katotohanan ay hindi ang kanyang inaakala, kundi kaya siya tumigil sa pagkakawanggawa at pagiging mabuti sa kamag-anak ay dahil sa siya ay maramot at gahaman.

36-37. Hindi ba nakarating sa kanya ang kuwento na nasa '*Tawrah*' ni Mousã (عليه السلام) at sa Aklat ni Ibrâhim (عليه السلام) na tinupad niya ang anumang ipinag-utos sa kanya at ipinarating niya ang mensahe?

38-39. Na hindi paparusahan ang sinuman sa kasalanan ng iba, at walang sinuman ang aako sa anumang kasalanan ng iba, at katiyakang hindi magkakaroon ang sinumang tao ng kabayaran maliban sa kung ano ang ginawa ng kanyang sarili dahil sa kanyang pagsusumigasig.

40. At katiyakang ang kanyang pinagsumigasigan ay makikita niya sa Kabilang-Buhay na maihihiwalay ang mabuti mula sa masama; bilang parangal sa gumawa ng kabutihan at pag-aalipusta sa gumawa ng masama.

41-42. Pagkatapos ay tutumbasan ang tao sa kanyang nagawa ng ganap at karapat-dapat na pagtutumbas sa lahat ng kanyang nagawa, at katiyakang sa dakong huli sa Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), tutungo ang lahat ng nilikha sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

43. At katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay pinasaya Niya ang sinuman na Kanyang nais dito sa daigdig dahil sa kasiyahan na ipinagkaloob sa kanya at pinaluha Niya ang sinuman na Kanyang nais dahil sa kanyang suliranin na sinanhi Niya sa kanya.

44. At katiyakan, ang Allâh (ﷻ), Siya ang nagsasanhi ng kamatayan sa sinuman na Kanyang nais na mamatay mula sa Kanyang nilikha, at nagbibigay ng buhay sa sinuman na Kanyang nais na mabuhay mula sa kanila, na kung kaya, Siya ang Bukod-Tangi na nagbibigay ng buhay at nagsasanhi ng kamatayan.


الجزء السابع والعشرون سورة النجم

وَأَنَّهُۥ خَلَقَ ٱلزَّوۡجَيۡنِ ٱلذَّكَرَ وَٱلۡأُنثَىٰ ﴿٤٥﴾ مِن نُّطۡفَةٍ إِذَا تُمۡنَىٰ ﴿٤٦﴾ وَأَنَّ
عَلَيۡهِ ٱلنَّشۡأَةَ ٱلۡأُخۡرَىٰ ﴿٤٧﴾ وَأَنَّهُۥ هُوَ أَغۡنَىٰ وَأَقۡنَىٰ ﴿٤٨﴾ وَأَنَّهُۥ هُوَ رَبُّ
ٱلشِّعۡرَىٰ ﴿٤٩﴾ وَأَنَّهُۥٓ أَهۡلَكَ عَادًا ٱلۡأُولَىٰ ﴿٥٠﴾ وَثَمُودَا۟ فَمَآ أَبۡقَىٰ ﴿٥١﴾
وَقَوۡمَ نُوحٍ مِّن قَبۡلُۖ إِنَّهُمۡ كَانُوا۟ هُمۡ أَظۡلَمَ وَأَطۡغَىٰ ﴿٥٢﴾ وَٱلۡمُؤۡتَفِكَةَ
أَهۡوَىٰ ﴿٥٣﴾ فَغَشَّىٰهَا مَا غَشَّىٰ ﴿٥٤﴾ فَبِأَىِّ ءَالَآءِ رَبِّكَ تَتَمَارَىٰ ﴿٥٥﴾
هَٰذَا نَذِيرٌ مِّنَ ٱلنُّذُرِ ٱلۡأُولَىٰٓ ﴿٥٦﴾ أَزِفَتِ ٱلۡأٓزِفَةُ ﴿٥٧﴾ لَيۡسَ لَهَا مِن
دُونِ ٱللَّهِ كَاشِفَةٌ ﴿٥٨﴾ أَفَمِنۡ هَٰذَا ٱلۡحَدِيثِ تَعۡجَبُونَ ﴿٥٩﴾ وَتَضۡحَكُونَ
وَلَا تَبۡكُونَ ﴿٦٠﴾ وَأَنتُمۡ سَٰمِدُونَ ﴿٦١﴾ فَٱسۡجُدُوا۟ لِلَّهِ وَٱعۡبُدُوا۟ ﴿٦٢﴾

سُورَةُ القَمَرِ

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

ٱقۡتَرَبَتِ ٱلسَّاعَةُ وَٱنشَقَّ ٱلۡقَمَرُ ﴿١﴾ وَإِن يَرَوۡا۟ ءَايَةً يُعۡرِضُوا۟
وَيَقُولُوا۟ سِحۡرٞ مُّسۡتَمِرّٞ ﴿٢﴾ وَكَذَّبُوا۟ وَٱتَّبَعُوٓا۟ أَهۡوَآءَهُمۡۚ
وَكُلُّ أَمۡرٖ مُّسۡتَقِرّٞ ﴿٣﴾ وَلَقَدۡ جَآءَهُم مِّنَ ٱلۡأَنۢبَآءِ
مَا فِيهِ مُزۡدَجَرٌ ﴿٤﴾ حِكۡمَةُۢ بَٰلِغَةٞۖ فَمَا تُغۡنِ ٱلنُّذُرُ
﴿٥﴾ فَتَوَلَّ عَنۡهُمۡۘ يَوۡمَ يَدۡعُ ٱلدَّاعِ إِلَىٰ شَيۡءٖ نُّكُرٍ ﴿٦﴾

45-46. At katiyakang Siya ang lumikha ng magkaparis: lalaki at babae mula sa tao at hayop, sa pamamagitan ng '*Nutfah*' – punla na ibinubuga sa sinapupunan.

47. At katiyakang nasa sa Kanya ang ganap na kapasiyahan sa pagbubuhay na mag-uli pagkatapos ng kanilang kamatayan, na ito ay pagbabalik muli (o pagbuhay na mag-uli) sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

48. At katiyakang pinagkakalooban Niya ng masaganang kayamanan ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga nilikha at pinasaya sila sa pamamagitan nito, at ganoon din, pinagkakalooban Niya ng kakaunti ang sinuman na Kanyang nais.

49. At katiyakang Siya ang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng bituin na "*Ash-Shi`râ*" (isinaling '*Sirius*') na ito ay bituin na napakaliwanag, na ilan sa mga mangmang noong kapanahunan ng '*Jahiliyyah*' (o kamangmangan) ay kanila itong sinasamba bukod sa Allâh.

50-54. At katiyakan, Siya ang pumuksa noon kina `Âd na sila ay yaong sambayanan ni Hûd, at pumuksa rin kina Thamoud na sila ay yaong sambayanan ni Sâleh, na walang sinuman ang natira sa kanila. At bago pa roon ay pinuksa rin Niya ang sambayanan ni Nûh.

Katiyakan, sila ang mga sukdulan ang kasamaan sa pamamagitan ng kanilang paghihimagsik at napakatindi ng kanilang paglabag kaysa sa mga dumating pa pagkatapos nila, at gayundin ang pamayanan ng sambayanan ni Lût na itinaob ito ng Allâh (ﷻ) sa kanila, na inilagay Niya ang nasa itaas sa ibaba at pinaulanan Niya ng matinding pagpapaulan ng mga luwad na bato.

55. Kung gayon, alin pa ba sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O ikaw na tao, ang hindi mo pinaniniwalaan na iyong pinag-aalinlanganan?

56. Itong tagapagbabala na si Muhammad (ﷺ) ay nagbabala sa inyo hinggil sa katotohanan, na ganito rin ang mga babala ng mga Propeta na nauna sa kanya, na kung kaya, hindi siya kaiba sa mga naunang Sugo.

57-58. Malapit na ang Pagkabuhay na Mag-uli at papalapit nang papalapit ang itinakdang panahon nito, at walang sinuman ang makapipigil nito bukod sa Allâh (ﷻ), at walang nakaaalam ng oras ng pagdating nito bukod sa Kanya.

59-62. Kung gayon, sa Dakilang Qur'ân ba na ito kayo ay namamangha, O kayo na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, sa pagiging totoo nito, at tinatawanan ninyo ito bilang panlalait at pagmamaliit, at hindi kayo napapaluha sa takot mula sa babala nito, bagkus kayo ay naglilibang na tumatalikod mula rito? Na kung kaya, magpatirapa kayo nang alang-alang sa Allâh (ﷻ) at maging dalisay ang inyong pagsamba sa Kanyang Kaisahan at ipaubaya ninyo ang inyong mga sarili sa Kanya.

سورة القمر 54

LIV – Sûrat Al-Qamar

[**Kabanata Al-Qamar** – Ang Buwan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh,
ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Malapit na ang pagkagunaw ng daigdig, at nabiyak na ang buwan ng dalawang hati, noong hiniling ng mga walang pananampalataya sa Makkah sa Propeta na magpakita siya sa kanila ng isang tanda, kaya nanalangin siya sa Allâh (ﷻ) at ipinakita ng Allâh (ﷻ) sa kanila ang tandang yaon.

2. At kahit pa makita ng mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh – ang katibayan at tanda na nagpapatotoo sa pagiging Sugo ni Propeta Muhammad (ﷺ), ay tatalikuran pa rin ang paniniwala sa kanya, na sila ay nagpapasinungaling at tumatanggi, na kanilang sinasabi sa paglitaw ng katibayan: "*Ito ay malinaw na salamangka*, *na maglalaho rin at hindi magtatagal*."

3. Tinanggihan nila ang Propeta (ﷺ), at sinunod nila ang kanilang ligaw na landas at ang anumang iniudyok sa kanila ng kanilang sariling kagustuhan na pagtanggi, at lahat ng bagay, mabuti man o masama ay matatamo ng gumawa nito sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa paglantad ng gantimpala at kaparusahan.

4. At katiyakan, dumating sa mga walang pananampalataya na mga Quraysh ang mga kuwento ng mga naunang tao na di-naniwala sa kanilang mga Sugo at ang anuman na kanilang natamo na kaparusahan, na samakatuwid, sapat na ito upang sila ay pigilin sa di-paniniwala at pagkaligaw.

5. Itong Qur'ân na dala sa kanila ay nagtataglay ng dakila at ganap na karunungan, kung gayon, ano pa bang bagay ang magiging pakinabang ng pagbababala sa mga taong tumanggi at di-naniwala?

6. Na kung kaya, pabayaan mo na sila, O Muhammad (ﷺ), at abangan mo na sa kanila ang pagdating ng dakilang Araw. Na sa Araw na yaon ay mananawagan ang tagapagpanawagan tungo sa kagimbal-gimbal na bagay, na ito ay '***Yawmul Hisâb***' – Araw ng Pagbabayad.

7-8. Na abang-aba at mapanglaw ang kanilang mga paningin, na sila ay lumalabas mula sa kanilang mga libingan na may mabilis na pagkalat at paglakad tungo sa lugar ng pagbabayad na para silang mga tipaklong na kumakalat sa himpapawid, na sila ay nagmamadaling tumungo sa lugar na kung saan sila ay tinatawag, na sasabihin ng mga walang pananampalataya: "*Ito ay kagimbal-gimbal na Araw na napakasidhi*."

9. Hindi naniwala noon ang sambayanan ni Nûh na nauna kaysa sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), na tinanggihan nila ang Aming alipin na si Nûh (عليه السلام), at kanilang sinabi: "*Siya ay nasisiraan ng bait*," at tinanggihan nila na siya ay binalaan nila ng iba't ibang pagpapahirap, kung hindi siya titigil sa kanyang pag-aanyaya.

10. Na kung kaya, nanalangin si Nûh (عليه السلام) sa Allâh (سبحانه وتعالى) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha: "*Katiyakan*, *ako ay mahina sa pakikipaglaban sa kanila*, *na kung kaya*, *tulungan Mo ako sa pamamagitan ng pagpaparusa na mula sa Iyo dahil sa kanilang di-paniniwala sa akin*."

11-12. Tinugunan Namin ang kanyang panalangin, at binuksan Namin ang mga pintuan ng kalangitan na bumuhos mula roon ang masaganang tubig (ulan) at pinagbibiyak Namin ang kalupaan na bumulwak mula roon ang iba't ibang bukal, na kung kaya, nagpang-abot ang tubig ng kalangitan at ang tubig ng kalupaan upang sila ay puksain sa pamamagitan ng itinakda ng Allâh (سبحانه وتعالى) sa kanila na parusa; bilang pagtumbas sa kanilang ginawang pagsamba ng iba bukod sa Allâh.

13-14. At dinala Namin si Nûh (عليه السلام) at ang sinumang sumama sa kanya sa sasakyang pantubig na pinagtagpi-tagpi na mga maninipis na pinagputol na kahoy sa pamamagitan ng pagpapako sa mga ito, na ito ay lumalayag sa pamamagitan ng Aming pagmamasid at pangangalaga, at nilunod Namin ang mga walang

pananampalataya; bilang kabayaran sa kanila sa di nila paniniwala at bilang pagtulong kay Nûh. Narito sa talatang ito ang katibayan sa katangian ng Allâh (ﷻ) bilang nagtataglay ng dalawang Mata na ayon sa Kanyang Kamaharlikaan.

15-16. At katiyakan, pinanatili Namin ang kuwento hinggil kay Nûh (عليه السلام) at sa kanyang sambayanan bilang aral at katibayan na nagpapatunay sa Aming kapangyarihan sa sinumang darating pa pagkatapos ni Nûh; upang maging aral ito sa kanila at pagpapayo sa anumang nangyari sa mga sambayanan na hindi naniwala sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, kung gayon, mayroon bang tatanggap ng paalaala o aral hinggil dito? Samakatuwid, gaano kasidhi ang Aking parusa at Aking babala sa sinumang hindi naniwala sa Akin at tinanggihan ang Aking mga Sugo, at hindi naging aral sa kanya ang anumang dala-dalang mensahe ng mga Propeta?

17. At katiyakan, ginawa Naming madali ang salita ng Dakilang Qur'ân upang madaling basahin at maisaulo ito, at gayundin ang mga kahulugan nito upang madaling maintindihan at unawain, sa sinumang nagnanais na makaalaala at pag-aralan, kaya mayroon bang nais na mapaalalahanan nito?

18. Hindi Kami pinaniwalaan ng sambayanan nina `Âd at Hûd, na kung kaya, pinarusahan Namin sila, samakatuwid, dapat na mabatid kung gaano katindi ang parusa Namin sa kanila dahil sa di nila paniniwala, at ang Aking babala sa sinumang tumanggi sa mga Sugo na ipinadala sa kanila at hindi sila pinaniwalaan.

19-20. Katiyakan, Kami ay nagpadala sa kanila ng malakas na hangin na napakalamig na marahas ang ugong at lakas nito, sa araw na matindi ang kalamidad at kawalang pag-asa na patuloy na kaparusahan at pagkawasak, na tinatangay nito ang mga tao mula sa kanilang mga kinaroroonan at itinatapon sila na pasubsob ang kanilang mga mukha na naging sanhi ng pagkakabaon ng kanilang ulo sa kalupaan at nahihiwalay ang kanilang mga ulo sa katawan na naiiwanan ito na nakabaon sa loob ng kalupaan na tulad ng mga puno ng palmera ng datiles na natatanggal ang mga puno nito mula sa pinagbunutan.

21. Kung gayon, gaano ba kasidhi ang Aking parusa sa sinumang hindi naniwala sa Akin, at ang Aking babala sa sinumang tumanggi sa Aking mga Sugo at hindi naniwala sa kanila?

22. At katiyakang ginawa Naming madali ang salita ng Dakilang Qur'ân para sa pagbabasa at pagsasaulo nito, at ang mga kahulugan nito para sa pag-iintindi at pagsusuri sa sinumang nagnanais na makaalaala at makapulot ng aral, kung gayon

mayroon bang nagnanais na makapulot ng aral o makaintindi? Nasa talatang ito ang pag-uutos na palagiang basahin ang Banal ng Qur'ân at pag-aralan at ituro ito.

23-24. Tinanggihan ni Thamoud – na sila ang mga sambayanan ni Sâleh – ang mga palatandaan bilang babala sa kanila, at kanilang sinabi: "*Isang tao lamang ba ang aming susundin na mula sa amin na maraming grupo at siya ay nag-iisa lamang? Katiyakan*, *kung gayon*, *kami ay nasa pagkaligaw at kasiraan ng bait.*"

25-26. "*Ipinahayag ba sa kanya ang rebelasyon at bukod-tangi siyang pinili sa pagiging Propeta mula sa amin*, *at siya ay kabilang sa amin? Hindi gayon*, *kundi siya ay sinungaling na mapagmataas.*" Katiyakan, makikita nila kapag dumating na ang kaparusahan sa kanila rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, kung sino ang sinungaling at mapagmataas.

27. Walang pag-aalinlangang palalabasin Namin ang kamelyong-babae na kanilang hiniling na magmumula sa isang malaking bato; bilang pagsubok sa kanila, na kung kaya, tingnan mo, O Sâleh, ang mangyayari sa kanilang kaparusahan, at magtiis ka sa pag-aanyaya sa kanila at sa kanilang mga pamiminsala.



28. At iparating mo sa kanila, na ang tubig (sa balon) ay hahatiin sa pagitan ng iyong sambayanan at ng babaeng-kamelyo: isang araw para sa babaeng-kamelyo at ang isang araw naman ay para sa kanila, ang bawa't isa ay may karapatang uminom o kumuha ng tubig ayon sa kung ano ang itinakdang araw para sa kanya na pagkuha (o pagsalok), at pagbabawalan ang sinumang kukuha ng karapatan ng iba (sa pamamagitan ng pagsalok na hindi ayon sa itinakdang araw para sa kanya).

29-30. At tinawag nila ang isa sa kasama nila upang utusan na saksakin ang kamelyo, kaya kinuha niya ang kamelyo at pagkatapos ay sinaksak niya, na kung kaya, pinarusahan Ko sila. Kung gayon, gaano katindi ang Aking kaparusahan sa kanila dahil sa kanilang di- paniniwala, at ang Aking babala sa sinumang lalabag at tatanggi sa Aking mga Sugo?

31. Katiyakan, ipinadala Namin sa kanila si Anghel Jibril (عليه السلام), at sumigaw sa kanila ng isang sigaw at kaagad na namatay silang lahat hanggang sa kahuli-hulihan sa kanila, na kung kaya, sila ay parang naging tuyong pananim na inihanda para ipakain sa kamelyo at iba pang mga hayop.

32. Katiyakan, ginawa Naming madali ang salita ng Qur'ân para sa pagbabasa at pagsasaulo nito, at gayundin ang mga kahulugan nito para sa pag-iintindi at pagsusuri sa sinumang nagnanais ng paalaala at aral; kung gayon, mayroon bang nagnanais ng paalaala?

33. Pinasinungalingan ng sambayanan ni Lût ang mga palatandaan ng Allâh (سبحانه وتعالى) na ipinadala bilang babala sa kanila.

34-35. At katiyakan, nagpadala Kami sa kanila ng mga luwad na bato bilang parusa maliban sa pamilya ni Lût, dahil iniligtas Namin sila mula sa parusa sa dulo ng gabi bilang biyaya na mula sa Amin para sa kanila, kung paano Namin ginantimpalaan si

Lût (عليه السلام) at ang kanyang pamilya at biniyayaan, na sila ay iniligtas Namin mula sa Aming kaparusahan ay ganoon din Namin gagantimpalaan ang sinumang naniwala at nagpasalamat sa Amin.

36. At katiyakan, binalaan ang kanyang sambayanan sa galit at parusa ng Allâh (ﷻ), subali't hindi sila nakinig sa kanya, sa halip sila ay nag-alinlangan at hindi ito pinaniwalaan.

37. At katiyakan, hiningi nila sa kanya na gawin ang kahalayan sa kanyang panauhin na mga anghel, subali't binulag Namin ang kanilang mga paningin kaya wala silang anumang nakita, kung gayon, lasapin ninyo ang Aking parusa at ang Aking babala na ibinabala sa inyo ni Lût.

38-39. At katiyakan, dumating sa kanila sa oras ng umaga ang parusa na patuloy na nanatili sa kanila hanggang sila ay makarating sa kaparusahan sa Kabilang-Buhay, at ang parusang yaon ay pagbabato sa kanila ng luwad at pagbaligtad ng kanilang bayan sa pamamagitan ng pagtaas o pagtaob ng ilalim nito sa kanila, kung kaya, lasapin ninyo ang Aking parusa na ibinabala Ko sa inyo; dahil sa inyong di-paniniwala at pagtanggi, at ang Aking babala na ibinabala sa inyo ni Lût.

40. At katiyakang ginawa Naming madali ang salita ng Dakilang Qur'ân para sa pagbibigkas at pagsasaulo nito, at ang kahulugan nito upang maintindihan at suriin ng sinumang nagnanais ng paalaala, kung gayon, mayroon bang nagnanais ng paalaala?

41. At katiyakan, dumating sa mga tagasunod ni Fir`âwn at sa kanyang sambayanan ang Aming babala na parusa sa kanila dahil sa kanilang di-paniniwala.

42. Tinanggihan nila ang lahat ng Aming palatandaan na nagpapatunay sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at pagiging Propeta ng Aming mga ipinadala, na kung kaya, pinarusahan Namin sila ng parusang makapangyarihan na hindi nagagapi, na itinakda sa sinuman na Kanyang nais na parusahan.

43. Ang mga walang pananampalataya ba mula sa inyo, O kayong mga Quraysh, ay mas nakahihigit kaysa sa mga nabanggit na mga tao na nauna sa inyo, na sila ay pinuksa dahil sa kanilang di-paniniwala? O di kaya ay mayroon ba kayong patunay o katibayan na naitala sa mga Banal na Aklat na ipinahayag sa mga Propeta na kayo ay ligtas mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ)?

44. O kanila bang sinasabi na mga hindi naniwala (na taga-Makkah) mula sa Makkah: "*Kami ay marami sa bilang*, *mga matatatag at matatalino na nagkakaisa*, *at kami ay grupo na mapagwagi at hindi kami magagapi ng sinumang nagnanais sa amin na gumawa ng kasamaan*."

45. Walang pag-aalinlangan, magagapi ang grupo ng mga walang pananampalataya sa Makkah sa kanilang pakikipaglaban sa mga mananampalataya, at sila ay tatakas sa labanan, at katiyakang ito ay naganap sa araw ng Badr.

46. Hindi ang kanilang inaakala ang siyang katotohanan kundi ang Oras ng pagkagunaw ng daigdig ang itinakdang araw para sa kanila upang sila ay pagbayarin ng karapat-dapat na kabayaran para sa kanila, at ang oras na yaon ay higit na masidhi kaysa sa nangyari sa kanilang kaparusahan sa araw ng Badr.

47-48. Katiyakan, ang mga masasama ay nasa pagkaligaw mula sa katotohanan, at paghihirap at kaparusahan. Sa araw na sila ay kakaladkarin tungo sa Impiyerno sa pamamagitan ng kanilang mga mukha at sasabihin sa kanila: "*Lasapin ninyo ang sidhi ng kaparusahan ng Impiyerno*."

49. Katiyakan, ang lahat ng bagay ay nilikha Namin sa ganap at tamang pagkakatakda at pinagpasiyahan Namin, at nauna na sa Aming kalaaman ang hinggil dito.

50. At anuman ang Aming iniutos hinggil sa isang bagay kapag ito ay nais Namin ay walang iba kundi sasabihin lamang Namin ang isang salita, na ito ay '*Kun fayakun*' – "*Mangyari*" at ito ay kaagad na mangyayari, na katumbas lamang ng pagkurap ng isang mata, at hindi yaon maiaantala ng kahit na isang saglit.



51. Katiyakan, pinuksa Namin ang mga katulad nila sa di-paniniwala na naunang mga tao, kung gayon, mayroon bang nais ng paalaala sa anumang nangyari sa kanila na galit ng Allâh at parusa?

52. At ang lahat ng bagay na ginawa ng mga nauna na mga katulad ninyo, mabuti man o masama ay naitala sa Aklat na itinala ng mga tagapagsulat.

53. At lahat ng maliit at malaki na kanilang nagawa ay naitala sa kanilang talaan at ayon doon sila ay tutumbasan.

54. Katiyakan, ang mga matatakutin sa Allâh ay nasa kalagitnaan ng mga dakilang Hardin at mga malalawak na Ilog sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

55. Na nasa makatotohanang upuan na walang anumang salita roon na walang kabuluhan at walang anumang kasalanan na magaganap, at sila ay nasa Allâh (ﷻ) na Dakilang Hari, Tagapaglikha ng lahat ng bagay at nagtakda sa lahat ng bagay, luwalhati sa Kanya na Kataas-taasan.

سورة الرحمن 55

LV – Sûrat Ar-Rahmân

[Kabanata Ar-Rahmân – Ang Pinakamahabagin]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-2. Ang Allâh na Pinakamahabagin (ﷻ) ang Siyang nagturo sa tao ng Dakilang Qur'ân; upang madali niya itong mabigkas, isaulo at maintindihan ang kahulugan nito.

3-4. Nilikha Niya ang tao na tinuruan Niya ng napakahusay na pagpapahayag sa anumang nais niyang ipahayag at hinggil dito siya ay namumukod-tangi sa iba.

5. Ang araw at ang buwan ay tumatakbo na nagsasalitan ayon sa ganap na pagkasukat sa dinaraanan nito na hindi nagkakasalungatan at hindi nagagalaw (o hindi nawawala) sa kaayusan nito.

6. Ang mga bituin na nasa kalangitan at ang mga puno na nasa kalupaan ay nakikilala ng mga ito ang Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at ang mga ito ay nagpapatirapa para sa Allâh (ﷻ) at nagpapasailalim sa anumang kaparaanan na pagkalikha sa mga ito na ikinabubuti ng mga tao na alipin ng Allâh at nasa kanilang kapakinabangan.

7. At ang kalangitan ay itinaas sa ibabaw ng kalupaan, at inilagay sa kalupaan ang makatarungang batas na ito ay Kanyang ipinag-utos at itinala upang sundin ng Kanyang mga alipin.

8-9. Upang hindi kayo lumampas sa inyong karapatan at di mandaya sa timbang sa mga taong pinakikitunguhan, na kung kaya, sundin ninyo ang makatarungang pagtitimbang at huwag ninyong dayain ang timbangan kapag nagtimbang kayo sa mga tao.

10-12. At ang kalupaan ay Kanyang inilagay at ginawang palatag; upang manatili rito ang Kanyang mga nilikha. Nandirito ang mga prutas, at puno ng palmera ng datiles na naglalabas ng ubod na pinagmumulan sa pamamagitan nito ng mga bunga, at mga butil na may mga balat at dahon; bilang kabuhayan para sa inyo at sa inyong mga inaalagaang hayop, at mayroon ding mga tumutubong matatamis na mababangong pananim.

13. Kung gayon alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao? At napakaganda ng sagot ng mga '*jinn*' noong binigkas sa kanila ng Propeta ang kabanata at sa tuwing mabibigkas ang mga ganitong talata, kanilang sinabi: "*Walang anuman sa mga biyaya ng aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang aming tinatanggihan*, *na kung kaya*, *sa Iyo lamang*, *O Allâh* (ﷻ), *ang aming papuri*." At nararapat na ganito ang sinumang alipin ng Allâh na kapag binigkas sa kanya ang mga biyaya ng Allâh (ﷻ) at Kanyang mga palatandaan ay kanyang aaminin at pasasalamatan niya ang Allâh (ﷻ) at pupurihin niya.

14-15. Nilikha ang ama ng sangkatauhan, na si Âdam mula sa may tunog na luwad na katulad ng palayok na gawa sa luwad, at nilikha naman si Iblees na siya ay kabilang sa mga '*jinn*,' mula sa walang usok na lagablab ng apoy na pinaghalu-halo.

16. Kung gayon alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?



17. Ang Allâh (ﷻ), Siya ang ‘*Rabb*’ na Nagmamay-ari ng dalawang sinisikatan ng araw sa taglamig at tag-init, na Tagapagmay-ari rin ng nilulubugan nito sa dalawang panahong yaon, at dahil lahat ng ito ay nasa ilalim ng Kanyang Pangangasiwa at Pangangalaga.

18. Kung gayon alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga ‘*jinn*’ at mga tao?

19-20. Malayang pinagtagpo ng Allâh (ﷻ) ang tubig ng dalawang karagatan – tabang at maalat – na ito ay nagtatagpo na mayroong itong harang na di-nakikita na ito ay hindi naghahalo sa isa’t isa na hindi nawawala ang katangian ng bawa’t isa nito, sa halip ay napanatili ang tabang bilang tabang at ang alat bilang alat kahit ang mga ito ay nagtatagpo sa isa’t isa.

21. Kung gayon alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga ‘*jinn*’ at mga tao?

22. Lumalabas mula sa dalawang karagatan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) ang dalawang bagay, perlas at korales o ‘*coral*.’

23. Kung gayon alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga ‘*jinn*’ at mga tao?

24. Pagmamay-ari Niya ang mga malalaking sasakyang-pandagat na kasinlaki ng mga bundok na naglalayag sa karagatan sa kapakinabangan ng tao na napakataas ang mga layag nito na mga bakal.

25. Kung gayon alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

26-27. Lahat ng nasa ibabaw ng kalupaan na nilikha ay mamamatay, at ang Mukha ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na punung-puno ng kadakilaan, kamaharlikaan, karangalan at kabaitan ay mananatili magpasawalang-hanggan. Dito sa talatang ito ang katibayan sa katangian ng Allâh (ﷻ) na Siya ay mayroong Mukha na angkop at karapat-dapat lamang sa Kanya na walang paghahambing sa Kanyang mga nilikha at pagtatanong kung paano ang pagiging gayon nito.

28. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

29. Nagsusumamo ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan hingil sa kanilang mga pangangailangan, na walang sinuman sa kanila ang hindi nangangailangan sa Allâh (ﷻ). Sa bawa't araw, Siya ay nakikitungo sa mga ganitong bagay: pag-aangat o pagbababa ng sinuman, pagkakaloob o pagkakait, pagbibigay ng buhay o pagsasanhi ng kamatayan.

30. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

31. At walang pag-aalinlangan, Kami ay nakatuon sa pagkukuwenta at pagtutumbas sa inyong mga gawain na inyong ginawa sa daigdig, O kayong mga tao at mga '*jinn*,' at paparusahan Namin ang mga masasama, at gagantimpalaan Namin ang mga sumunod.

32. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

33-34. O kayong grupo ng mga '*jinn*' at mga tao! Kung may kakayahan kayo na takasan at lampasan ang hangganan at ang pinagpasiyan ng Allâh (ﷻ) na kayo ay hanggang doon lamang, na lalampasan ninyo ang lugar ng mga kalangitan at kalupaan ay gawin ninyo, subali't wala kayong kakayahan hinggil dito maliban na lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan, katibayan at kautusan na mula sa Allâh (ﷻ). (Paano ito mangyayari sa inyo samantalang wala kayong kakayahan na makapagdulot ng kapinsalaan at kapakinabangan sa inyong mga sarili?) Kung gayon,

alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

35-36. Ipapadala laban sa inyong dalawa, ang walang usok na naglalagablab na apoy at purong tanso, na ibubuhos sa inyong mga ulunan, at hindi kayo magkakaroon ng kakayahan na mapangalagaan ang inyong mga sarili sa isa't isa ni makapagtulungan, O kayo na mga '*jinn*' at mga tao. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

37. At kapag nabiyak na ang kalangitan at nawarak na sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na ito ay magiging kulay pula na katulad ng rosas na magiging parang kumukulong mantika at lusaw na tanso; dahil sa kasidhian at sa kagimbal-gimbal na mangyayari sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

38. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

39. Na kung kaya, sa Araw na yaon ay hindi na tatanungin ng mga anghel ang mga masasama na mula sa tao at '*jinn*' hinggil sa kanilang kasalanan.

40. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?



41. Na malalaman ng mga anghel ang mga masasama dahil sa kanilang mga tanda, kaya sila ay dadakmain sa kanilang mga ulunan at mga paa at itatapon sila sa Impiyerno.

42. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

43-44. Sasabihin sa kanila na mga masasama bilang pag-aalipusta sa kanila: "*Ito ang Impiyerno na hindi pinaniwalaan ng mga masasama noong sila ay nasa daigdig na kanilang tinanggihan*: *sila ay magsasalit-salitan mula sa parusa sa pagitan ng naglalagablab na Apoy at sa pagpapainom sa kanila ng napakasidhing kumukulong inumin*, *na magkakaputul-putol ang kanilang mga bituka dahil sa sidhi ng init nito*."

45. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

46. At para naman sa natakot sa Allâh mula sa Kanyang mga alipin na mga tao at mga '*jinn*,' na natakot sa kanyang pakikipagharap sa Allâh (ﷻ), kaya siya ay naniwala at sumunod at iniwasan ang mga kasalanan, para sa kanya ay dalawang Hardin.

47. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

48. At ang dalawang Hardin ay may mga sanga na mga magaganda at malalawak na nakalatag ang pagkakasanga-sanga ng mga ito na may mga prutas.

49. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

50. Nasa dalawang Hardin na yaon ang dalawang ilog na malayang umaagos sa pagitan nito.

51. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

52. At nasa dalawang Hardin ding yaon ang bawa't uri ng prutas na magkaparis.

53. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

54. At para sa kanila na natakot sa kanilang pakikipagharap sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha ang dalawang Hardin na roon sila'y magpakasaya, na sila ay mga nakasandal sa higaan na may mga nakahelera na mga makakapal na sutla na may mga burda, at ang mga bunga ng dalawang Hardin ay malalapit sa kanila na abot-kamay.

55. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

56. At nandoroon sa mga higaan na yaon ang kanilang mga asawa, na ang kanilang paningin ay para lamang sa kanilang mga asawa, at hindi sila tumitingin sa iba, na sapat sa kanila ang kanilang kinalalagyan, na hindi sila nahipo (o nagalaw) ng kahit na sinumang tao o '*jinn*' bago ang kanilang mga sariling asawa.

57. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

58. At katulad nila na mga asawa na mga dilag na kababaihan sa '*Al-Jannah*' na mga '*Hoor*' ay parang silang mga perlas at mga '*coral*' dahil sa linis at ganda nila.

59. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

60-61. Hindi ba ang nararapat lamang na gantimpala sa sinumang gumawa ng kabutihan sa daigdig ay walang iba kundi mabuti rin ang karapat-dapat na para sa kanya, na ito ay '*Al-Jannah*' (Hardin) sa Kabilang-Buhay?

Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

62-63. At bukod pa sa dalawang Hardin na nabanggit ay mayroon pang dalawang panibagong Hardin. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

64-65. Ang dalawang (panibagong) Hardin na ito ay luntian, at sa katunayan dahil sa tindi ng pagiging luntian nito ay halos mangitim na ito. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

66-67. At nandoroon sa dalawang Hardin na yaon ang bukal na bumubulwak ang tubig na walang patid. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

68. Nasa dalawang Hardin ding yaon ang iba't ibang uri ng prutas, mga puno ng palmera ng mga datiles at '*Rommân*' – '*Pomegranates*' o granada.

69. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

70. At nasa apat na Hardin na yaon ang mga asawang ubod ng bait at ganda at maamo ang kanilang mga mukha.

71. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?


فِيهِمَا فَٰكِهَةٌ وَنَخْلٌ وَرُمَّانٌ ﴿٦٨﴾ فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٦٩﴾
فِيهِنَّ خَيْرَٰتٌ حِسَانٌ ﴿٧٠﴾ فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٧١﴾ حُورٌ
مَّقْصُورَٰتٌ فِي ٱلْخِيَامِ ﴿٧٢﴾ فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٧٣﴾
لَمْ يَطْمِثْهُنَّ إِنسٌ قَبْلَهُمْ وَلَا جَآنٌّ ﴿٧٤﴾ فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ
﴿٧٥﴾ مُتَّكِـِٔينَ عَلَىٰ رَفْرَفٍ خُضْرٍ وَعَبْقَرِيٍّ حِسَانٍ ﴿٧٦﴾ فَبِأَيِّ
ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٧٧﴾ تَبَارَكَ ٱسْمُ رَبِّكَ ذِي ٱلْجَلَٰلِ وَٱلْإِكْرَامِ ﴿٧٨﴾
سُورَةُ الْوَاقِعَةِ
بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ
إِذَا وَقَعَتِ ٱلْوَاقِعَةُ ﴿١﴾ لَيْسَ لِوَقْعَتِهَا كَاذِبَةٌ ﴿٢﴾ خَافِضَةٌ رَّافِعَةٌ
﴿٣﴾ إِذَا رُجَّتِ ٱلْأَرْضُ رَجًّا ﴿٤﴾ وَبُسَّتِ ٱلْجِبَالُ بَسًّا ﴿٥﴾
فَكَانَتْ هَبَآءً مُّنۢبَثًّا ﴿٦﴾ وَكُنتُمْ أَزْوَٰجًا ثَلَٰثَةً ﴿٧﴾ فَأَصْحَٰبُ
ٱلْمَيْمَنَةِ مَآ أَصْحَٰبُ ٱلْمَيْمَنَةِ ﴿٨﴾ وَأَصْحَٰبُ ٱلْمَشْـَٔمَةِ مَآ أَصْحَٰبُ
ٱلْمَشْـَٔمَةِ ﴿٩﴾ وَٱلسَّٰبِقُونَ ٱلسَّٰبِقُونَ ﴿١٠﴾ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلْمُقَرَّبُونَ ﴿١١﴾
فِى جَنَّٰتِ ٱلنَّعِيمِ ﴿١٢﴾ ثُلَّةٌ مِّنَ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٣﴾ وَقَلِيلٌ مِّنَ ٱلْـَٔاخِرِينَ
﴿١٤﴾ عَلَىٰ سُرُرٍ مَّوْضُونَةٍ ﴿١٥﴾ مُّتَّكِـِٔينَ عَلَيْهَا مُتَقَٰبِلِينَ ﴿١٦﴾

72. Mga '*Hoor*' (mga magagandang dilag na mga kababaihan) – sila ay nakatago at pinangalagaan na nasa mga pabilyon o tolda.

73. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

74. Hindi kailanman nahipo (o nagalaw) ang mga '*Hoor*' na ito ng kahit na sinumang tao at '*jinn*' bago ang pagkatakda sa mga asawa nila na kalalakihan.

75. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

76. Sila ay nakasandal sa mga unan na kulay berde at mga magagandang higaan.

77. Kung gayon, alin sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na pangrelihiyon at makamundo ang inyong tinatanggihan, O kayong mga '*jinn*' at mga tao?

78. Napakasagana na biyaya sa Pangalan ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at Napakasaganang kabutihan, na Siya ang Tagapagmay-ari ng Kadakilaan at Ganap na Karangalan at Ganap na Kabaitan sa Kanyang mga pinakamamahal at malalapit Niyang mga alipin.

سورة الواقعة 56

LVI – Sûrat Al-Wâqi`ah

[**Kabanata Al-Wâqi`ah** – Ang Matinding Pangyayari]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-3. Kapag naganap na ang Araw ng Muling Pagkabuhay ay wala nang sinupaman ang maaaring makapagpasinungaling sa pangyayaring ito, at ang pangyayaring ito ay magpapahamak sa mga kumalaban sa Allâh (ﷻ) sa Impiyerno, at mag-aangat sa Kanyang pinakamamahal at malalapit na alipin sa '*Al-Jannah*' (Hardin).

4-6. At kapag niyanig ang kalupaan ng matinding pagkayanig, at dinurog ang mga kabundukan ng tunay na pagkadurog at ang mga ito ay magiging mga pulbos na parang alikabok na lamang na lumulutang sa kalawakan na ikinakalat ng hangin.

7. At kayong lahat, O sangkatauhan, ay nasa tatlong grupo:

8-9. Ang mga yaong nasa Kanang Bahagi – sila ang mga taong matataas ang antas at napakadakila ang kanilang kinalalagyan, at ang mga yaong nasa Kaliwang Bahagi – sila ay yaong mga abang-aba at napakababa ng kanilang antas at napakasama ng kanilang kalagayan.

10-12. At ang mga nangunguna tungo sa kabutihan sa daigdig ay sila rin ang mangunguna tungo sa matataas na antas sa Kabilang-Buhay, at sila ang tunay na mga malalapit sa Allâh (ﷻ) na mga '*Al-Muqarrabun*' ay papapasukin sila ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa mga Hardin ng Kaligayahan.

13-16. Na papasok doon ang maraming grupo na mula sa unang henerasyon na nanguna sa kabutihan mula sa sambayanan ni Muhammad, at ang iba pa sa kanila ay mula sa ibang sambayanan ng mga Propeta at Sugo, at ang ilan pa sa kanila ay magmumula sa dulo ng henerasyon na sambayanan ni Muhammad, na silang lahat ay nasa mga trono na pinalamutian ng ginto na sila ay mga nakasandal doon na nakaharap sila sa isa't isa.



17-19. Nakapalibot sa kanila ang mga kabataan na tagapagsilbi na hindi tumatanda at hindi namamatay, na dala-dala nila ang mga kopita at mga pitsel (‘*jug*’) at mga baso na mayroong umaapaw na alak na nagmula sa ilog sa ‘*Al-Jannah*’ (Hardin) na hindi nakalalasing at hindi nakalalango (di-nakahihilo).

20-24. At nakapalibot pa rin sa kanila ang mga tagapagsilbing kabataan na dala-dala nila ang kanilang pagpipilian na mga prutas, karne ng mga ibon na kalugud-lugod sa kanilang mga sarili. At para pa rin sa kanila ang mga dilag na kababaihan na malalawak at kaibig-ibig ang kanilang mga mata na katulad ng perlas na pinangalagaan sa loob ng lagayan o kabibi (‘*clam*’) nito, dahil sa linis at ganda nito; bilang gantimpala sa kanila sa kanilang nagawang kabutihan sa daigdig.

25-26. Wala silang maririnig sa ‘*Al-Jannah*’ (Hardin) na anumang walang kabuluhan at masasamang mga salita at mga bagay na di-maganda sa pandinig maliban sa mapayapang mga salita na hindi nasasamahan ng anumang kamalian at mga makasalanang salita, at magbabatian ng ‘*Salâm*’ sa kanila ang isa’t isa.

27-34. At ang mga yaong ‘*As-hâ-bul Ya-meen*’ naman ay napakadakila ng kanilang kinalalagyan at gantimpala na sila ay nasa ‘*Puno ng Sidr*’ na walang tinik, at mga puno ng saging na magkakakumpul-kumpol, at nasa lilim na patuloy na walang katapusan, at sa tubig na patuloy na dumadaloy na walang tigil, at masaganang mga prutas na walang pagkaubos at walang sinuman ang makapipigil sa kanila mula rito na abutin o kunin, at nasa ibabaw ng mga trono ang kumpletong gamit pampahingahan.

35-38. Katiyakan, nilikha Namin sila na mga dilag na kababaihan ng ‘*Al-Jannah*’ (Hardin) bilang natatanging pagkalikha na hindi katulad ng pagkalikha sa mga kababaihan sa daigdig dahil ganap ang pagkalikha sa kanila na wala nang hanggan, at

ginawa Namin sila na mga dalaga at birhen na walang bata at matanda sa kanila kundi nasa katamtaman at pare-parehong edad na kaakit-akit sa kanilang mga asawa, na ginawa sila para sa mga '*Ashâbul Yameen*.'

39-40. At ang maraming grupo sa kanila ay mula sa mga naunang henerasyon, at gayundin, ang ilan pang maraming grupo sa kanila ay mula sa mga nahuling henerasyon.

41-44. At ang mga nasa gawing kaliwa ('*As-hâ-bush Shi-mâl*') naman ay napakasama ng kanilang kalagayan at ng kanilang kaparusahan, na sila ay nasa napakainit na hangin na mula sa init ng Impiyernong-Apoy na halos nalalagutan sila ng hininga dahil sa dala ng hangin, at nasa mainit na tubig na kumukulo sa pinakasukdulang init nito at nasa lilim ng usok na napakaitim na wala kang matatamo na kahit na anumang lamig ni ginhawa.

45. Dahil walang pag-aalinlangan, sila sa daigdig ay nagpakasarap sa mga ipinagbabawal at tinalikuran nila ang dala-dala ng mga Sugo na mensahe.

46. At sila ay nanatili sa di-paniniwala sa Allâh at pagsamba ng iba bukod sa Kanya at sa pagsagawa ng kasalanan, at hindi sila naghangad na magbalik-loob sa Allâh (ﷻ).

47. At sinasabi nila noon bilang pagtanggi nila sa pagkabuhay na mag-uli: "*Bubuhayin ba tayong mag-uli kapag namatay na tayo at naging alabok na at ang ating mga buto ay nagkandudurug-durog na?*" At ito ay dahil sa hindi sila naniniwala na mayroong pagkabuhay na mag-uli.

48. "*Bubuhayin ba tayo na mag-uli*, *tayo at ang ating mga ninuno na nauna kaysa sa atin na naging alabok na at sumama na ito sa kalupaan?*"

49-50. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Oo*, *ang mga yaong nauna at mga nahuling henerasyon mula sa angkan ni Âdam ay walang pag-aalinlangang titipunin silang lahat sa isang araw na nakatakda nang magkakasabay*, *na ito ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay*."



51-55. Pagkatapos, katiyakan, kayo na mga ligaw mula sa tamang landas na hindi pinaniwalaan ang babala ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang pangako ay walang pag-aalinlangan na kakain kayo mula sa puno ng '*Zaqqum*' na ito ay napakaruming puno, na pupunuin ninyo mula rito ang inyong mga tiyan; dahil sa tindi ng gutom, at iinom kayo ng tubig na napakatindi ng init na hindi nakapapawi ng uhaw, at iinom kayo mula rito nang maraming-marami na katulad ng pag-inom ng kamelyong uhaw na uhaw subali't hindi napapawi ang kanyang uhaw dahil sa sidhi ng sakit na idinudulot nito.

56. Itong matatamo nila na parusa ang inihanda bilang paglalait sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay at ito ay pag-aalipusta at paghamak sa kanila.

57. Kami ang lumikha sa inyo, O kayong mga tao, gayong kayo noon ay di man lamang nag-e-'*exist*' o umiiral (di pa buhay o wala ni anumang palatandaan sa inyo), kung gayon, hindi ba karapat-dapat na maniwala kayo sa Muling Pagkabuhay?

58-59. Nakikita ba ninyo ang semilya na inilalabas ninyo patungo sa sinapupunan ng inyong mga asawa, kayo ba ang lumikha nito para maging tao o Kami na Tagapaglikha?

60-61. Kami ang nagtakda sa inyo ng kamatayan at hindi Kami mawawalan ni katiting ng kakayahan upang hindi Namin makayanan ang paglikha sa inyong muli sa Araw ng Muling Pagkabuhay bilang panibagong paglikha at bubuuin Namin kayong muli sa kaanyuan at kalagayan na hindi ninyo batid.

62. Katiyakan, batid ninyo na ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha sa inyo noong unang anyo ng paglikha sa inyo mula sa wala, na kung kaya, hindi ba dapat na alalahanin ninyo ang kapangyarihang tinataglay ng Allâh (ﷻ) upang mabatid ninyo na kaya Niyang likhain kayong muli?

63-67. Sabihin nga ninyo sa Akin ang hinggil sa buto na itinatanim ninyo sa kalupaan, kayo ba ang nagpapatubo nito sa kalupaan, o Kami ang Tagapagpatubo nito? Walang pag-aalinlangan, Kami ang naglalagay nito sa angkop na lagayan nito at nagpapatubo nito sa kalupaan. Kung nanaisin Namin ay kaya Naming gawin na tuyot ang pananim na hindi pakikinabangan upang kainin, at kayo ay mamamangha sa anumang mangyayari sa inyong pananim at sasabihin ninyo: "*Katiyakan*, *kami ay talunan na pinarusahan*," o di kaya ay sasabihin ninyo: "*Kami ay pinagkaitan ng biyaya*."

68-69. Sabihin nga ninyo ang hinggil sa tubig na inyong iniinom upang kayo ay mabuhay, kayo ba ang nagsasanhi na pababain ito mula sa ulap hanggang sa makarating sa kalupaan, o Kami ang Nagsasanhi na pababain ito bilang awa sa inyo?

70. Kung ninais Namin ay gagawin Namin itong tubig na napakaalat, na hindi mapapakinabangan sa pag-inom at pagtanim, na kung kaya, hindi ba nararapat na magpasalamat kayo sa Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na Siyang nagbaba ng tubig tabang, na ito ay para sa inyong kapakinabangan?

71-72. Sabihin nga ninyo sa Akin ang hinggil sa apoy na inyong pinagdiringas, kayo ba ang nagsanhi ng pagsibol ng puno na pinagmulan nito na sa pamamagitan nito ay napapalitaw ang apoy, o Kami ang Tagapagpasibol nito?

73. Kami ang naglikha ng apoy na inyong pinagdiringas bilang Paalaala sa inyo sa Apoy ng Impiyerno at napapakinabangan ito ng mga naglalakbay (na tulad ng sulo).

74. Na kung kaya, Luwalhatiin mo, O Muhammad (ﷺ), ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na Pinakadakila na Ganap sa Kanyang mga Pangalan at Katangian, na sagana ang Kanyang Kagandahang-loob at Kabutihan.

75-76. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng mga nilulubugan ng mga bituin sa kalangitan, at katiyakang ito ay isang napakadakilang panunumpa kung ito ay batid lamang ninyo.

77-79. Katiyakan, ang Dakilang Qur'ân na ito, na ipinahayag kay Muhammad (ﷺ) ay Kabanal-banalan na Qur'ân na dakila ang kapakinabangan nito, sagana sa kabutihan, sagana sa kaalaman na naitala sa Aklat na hindi maabot ng paningin ng mga nilikha na ito ay ang '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*.' At walang nakahahawak nito maliban sa mga kagalang-galang na mga anghel na nilinis sila ng Allâh (ﷻ) mula sa anumang sakit at kasalanan, at wala ring makahahawak mula sa mga tao nito maliban sa mga malilinis mula sa pagtatambal, '*Janabah*' at '*Hadath*.'

80. At itong Dakilang Qur'ân na ipinahayag mula sa Allâh (ﷻ) na '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang ay makatotohanan na walang pag-aalinlangan ang hinggil sa mga nilalaman nito.

81. Kung gayon, ang napaka-maluwalhati at dakilang Qur'ân bang ito ay inyong tinatanggihan at di-pinaniniwalaan, O kayong mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh?

82. At ang itinumbas ba ninyo na ang dapat ay pagpapasalamat sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) ay pagtanggi at di-paniniwala? Dito sa paliwanag na ito ang patibay na isinumpa ang mga tao na pinababayaan nila ang Dakilang Qur'ân at walang silang pakialam sa paanyaya nito.

83-85. Samakatuwid, kaya ba ninyo, kapag umabot na ang kaluluwa ng isa sa inyo sa lalamunan nito sa oras ng kanyang kamatayan at kayo sa pagkakataong yaon ay nandoroon na nakikita ninyo, ay kaya ba ninyong pigilin ito sa kanyang katawan? Kailanma'y hindi ninyo ito makakayanan, at Kami ay mas malapit sa kanya kaysa sa inyo bukod sa Aming mga anghel na nandoroon, subali't hindi ninyo nakikita.

86-87. Samakatuwid, bakit hindi ninyo gawin, kung kayo ay talagang ligtas mula sa paghuhukom at pagbabayad dahil sa inyong mga gawain, na ibalik ang kaluluwa sa

kanyang katawan kung kayo ay makatotohanan sa inyong mga sinasabi? Kailanman ay hindi ninyo makakayanan itong ibalik.

88-89. Samakatuwid, kapag ang namatay ay kabilang sa mga '*Muqarrabûn*' – nangunguna sa kabutihan na mga malalapit sa Allâh ay para sa kanya sa kanyang kamatayan ang malawak na pagkaawa, kasiyahan at kalugud-lugod sa kanyang sarili, at para (pa rin) sa kanya ang Hardin ng Kaligayahan sa Kabilang-Buhay.

90-91. At kapag ang namatay naman ay kabilang sa mga '*As-hâ-bul Ya-meen*' – ang mga nasa Kanang Bahagi, sasabihin sa kanya: "*Kapayapaan at kaligtasan ay sumaiyo*; *dahil sa ikaw ay kabilang sa mga* '*As-hâ-bul Ya-meen*.'"

92-94. Subali't kapag ang namatay naman ay kabilang sa mga hindi naniwala sa Kabilang-Buhay na ligaw mula sa Tamang Landas, ang ipangsasalubong sa kanya ay inumin ng Impiyernong-Apoy na kumukulo na napakatindi ang init, at Apoy na susunog sa kanya na malalasap niya ang sidhi ng parusa nito.

95-96. Katiyakan, ang salaysay na ito na Aming isinalaysay sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ay makatotohanan na tiyak ang pagkakasalaysay nito na walang pag-aalinlangan, kung gayon, luwalhatiin mo na may pagpupuri ang Pangalan ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Pinakadakila, at ilayo mo Siya sa anumang sinasabi ng mga masasama na walang pananampalataya na hindi totoo kundi pawang kasinungalingan lamang, luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Siya ay '***Al-`Adzeem***' – ang Pinakadakila na malayung-malayo sa anuman na kanilang sinasabing kasinungalingan.

سورة الحديد 57

LVII – Sûrat Al-Hadîd

[**Kabanata Al-Hadîd** – Ang Bakal]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Ang anumang nasa mga kalangitan at kalupaan mula sa lahat ng nilikha ng Allâh ay niluluwalhati ang Allâh (ﷻ) na Siya ay malayo sa lahat ng di-kaganapan, at Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang mga nilikha, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang Pangangasiwa sa kanila.

2. Pagmamay-ari Niya ang mga kalangitan at kalupaan at ang anumang mga nakapaloob dito, Siya ang Tagapagmay-ari na Tagapagpasiya sa Kanyang nilikha,

Siya ang nagbibigay ng buhay at nagsasanhi ng kamatayan, at Siya ang '***Qadeer***' – Pinakamakapangyarihan sa lahat ng bagay na kaya Niyang gawin ang anuman na Kanyang nais gawin at kung anuman ang nais Niyang mangyari ay mangyayari at kung anuman ang hindi Niya gustong mangyari ay hindi mangyayari.

3. Siya ay '***Al-Awwal***' – ang Una na walang anumang nauna kaysa Kanya, at '***Al-Âkhir***' – ang Huli na walang katapusan, Siya ay '***Adz-Dzâhir***' – ang Kataas-taasan na wala nang tataas pa kaysa sa Kanya, at Siya ay '***Al-Bâtin***' – ang Pinakamalapit na wala nang mas malapit pa kaysa sa Kanya (sa pamamagitan ng Kanyang ganap na kaalaman sa lahat ng bagay) at walang anumang bagay ang naililihim sa Kanya sa kalupaan at gayundin sa mga kalangitan, Siya ang ''***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam ng lahat ng bagay.



4. Siya ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan, at ang anumang nasa pagitan ng dalawang ito sa loob ng anim na araw, pagkatapos ay pumaroon Siya sa Kanyang '*Arsh* (isinaling Trono) na nasa ibabaw ng lahat ng Kanyang nilikha sa kaparaanan na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan, batid Niya kung anuman ang pumapasok sa kalupaan na katulad ng butil, tubig-ulan at iba pa, at ang anumang lumalabas mula rito na katulad ng mga halaman, pananim at mga bunga, at anuman ang bumababa mula sa kalangitan na katulad ng ulan at iba pa; at ang anumang pumapaitaas patungo sa kalangitan na katulad ng mga anghel at ang mga gawain, na Siya ay kasama ninyo kahit saan man kayo naroroon sa pamamagitan ng Kanyang ganap na kaalaman, at ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Ganap na Tagapagmasid sa inyong mga gawain na inyong ginagawa at ayon dito kayo ay tutumbasan.

5. Siya ang Nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan, at sa Kanya magbabalik ang lahat ng Kanyang mga nilikha sa Kabilang-Buhay, at sila ay tutumbasan ayon sa kanilang nagawa.

6. Ipinapasok Niya ang anumang nababawas sa mga oras ng gabi sa araw kaya humahaba ang araw, at ipinapasok Niya ang anumang nababawas sa mga oras ng araw sa gabi na kung kaya humahaba ang gabi, na Siya ang ``***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa anumang nasa kalooban ng Kanyang nilikha.

7. Maniwala kayo sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ), at gumasta kayo mula sa anumang ipinagkaloob sa inyo ng Allâh (ﷻ) na kabuhayan at kayamanan bilang ipinagkatiwala sa inyo ng Allâh (ﷻ). At ang mga katulad nila na naniwala sa Allâh mula sa inyo, O kayong mga tao, at gumasta mula sa kanilang kayamanan ay para sa kanila ang dakilang gantimpala.

8. At ano ba ang katwiran ninyo sa hindi ninyo paniniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at pagsunod sa Kanyang batas, samantalang ang Sugo ay inaanyayahan kayo tungo sa bagay na ito, at walang pag-aalinlangang tinanggap Niya ang inyong pangako, kung kayo ay talagang naniniwala sa Allâh (ﷻ) na Siyang lumikha sa inyo.

9. Walang iba kundi ang Allâh (ﷻ) ang nagpahayag sa Kanyang alipin na si Muhammad (ﷺ) ng malilinaw na mga talata ng Dakilang Qur'ân; upang kayo ay alisin sa pamamagitan nito mula sa Kadiliman ng Di-Paniniwala tungo sa Liwanag ng Paniniwala sa Allâh (ﷻ), at katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Raouf***' – Punung-Puno ng Kabutihan, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa inyo kaya iniaalis kayo mula sa mga Kadiliman tungo sa Liwanag.

10. At ano baga ang pumipigil sa inyo mula sa paggasta sa Daan ng Allâh (ﷻ)? Samantalang ang Allâh (ﷻ) ay Pagmamay-ari Niya ang lahat ng nasa mga kalangitan at kalupaan, at ang lahat ng nasa loob nitong dalawa, at walang sinuman ang mananatili na nagmamay-ari ng anumang nakapaloob dito bukod sa Allâh (ﷻ).

Hindi maaaring magkatulad sa gantimpala ang sinuman sa inyo na gumasta bago nangyari ang '*Fathu Makkah*' – pagbukas ng Makkah o pagpasok sa Makkah ng mga mananampalataya upang ibalik ang lugar na ito sa kadalisayan ng pagsamba sa Allâh (ﷻ) – at nakipaglaban sa mga walang pananampalataya, sila ang mas dakila ang antas sa paningin ng Allâh (ﷻ) kaysa sa mga yaong gumasta sa Daan ng Allâh pagkatapos ng '*Fathu Makkah*' at sila ay nakipaglaban din sa mga walang pananampalataya.

Ang dalawang grupong ito ay pinangakuan ng Allâh (ﷻ) ng '*Al-Jannah*' (Hardin). At ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Tagapagmasid nang ganap sa mga ginagawa ninyo at walang anumang naililihim sa Kanya at ayon dito kayo ay tutumbasan.

11. Siya na gumasta sa Daan ng Allâh na taos-puso sa kanyang kalooban nang walang panunumbat at walang pag-iimbot, ay pararamihin ng Allâh (ﷻ) sa kanya ang gantimpala at para sa kanya ang masaganang gantimpala na ito ay '*Al-Jannah*' (Hardin).



12. Sa Araw na makikita mo ang mga mananampalataya na mga kalalakihan at kababaihan na sumusunod sa kanila ang kanilang liwanag habang sila ay nasa '*Sirât*' (tulay), sa kanilang harapan at sa kanilang gawing kanan ayon sa kung ano ang kanilang kabutihan, at sasabihin sa kanila: "*Magandang balita para sa inyo sa Araw na ito! Sa pagpasok ninyo sa mga malalawak na Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno nito*, *na hindi na kayo paaalisin pa mula rito magpakailanman*, *at ito ang pagtutumbas sa inyo sa Kabilang-Buhay bilang inyong dakilang tagumpay*."

13. Sa Araw na sasabihin ng bawa't mapagkunwari na mga kalalakihan at mga kababaihan sa kanila na mga mananampalataya habang sila ay nasa '*Sirât*:' "*Hintayin ninyo kami upang magkaroon kami ng liwanag mula sa inyong liwanag*," at sasabihin sa kanila ng mga anghel: "*Bumalik kayo sa pinagmulan ninyo at doon kayo humingi ng liwanag* (ito ay bilang pangungutya sa kanila)!" Na kung kaya, lalagyan ng harang (na pader) ang pagitan nila, na sa loob ay mayroong pintuan na malapit sa mga mananampalataya na ang nilalaman ng nasa loob ng pintuang ito ay awa, at ang nasa labas naman nito na nasa gawing malapit sa mga mapagkunwari ay kaparusahan.

14. Tatawagin ng mga mapagkunwari ang mga mananampalataya na kanilang sasabihin: "*Hindi ba tayo ang magkasama noon sa daigdig na ginagawa namin ang aming obligasyon sa Islâm na katulad din ninyo?*" Sasabihin ng mga mananampalataya sa kanila: "*Tunay nga! Magkasama tayo noon subali't sinira ninyo ang inyong mga sarili dahil sa inyong pagiging mapagkunwari at paglabag sa Kautusan*, *at inaasam ninyo na mamatay kami kasama ang Propeta*, *at nag-alinlangan kayo hinggil sa pagkabuhay na mag-uli pagkatapos ng kamatayan*, *at nalinlang kayo ng inyong mga maling hangarin*, *at nanatili kayo sa gayong kalagayan hanggang sa dumating sa inyo ang kamatayan*, *at nilihis kayo ni* '*Shaytân*' *mula sa Allâh* (ﷻ)."

15. Na kung kaya, sa Araw na ito ay hindi na tatanggapin mula sa sinuman sa inyo, O kayong mga mapagkunwari, ang anumang pantubos upang tubusin kayo mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ), at ganoon din, hindi rin ito tatanggapin sa mga hindi naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at ang patutunguhan ninyong lahat ay Impiyernong-Apoy at ito ang mas higit na karapat-dapat sa inyo na paroroonan na napakasamang patutunguhan.

16. Hindi pa ba dumating ang panahon para sa mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at sumunod sa Kanyang gabay, upang palambutin ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng pag-alaala sa Allâh (ﷻ) at pakikinig ng Qur'ân, at hindi maging matigas ang kanilang mga puso na tulad ng mga pinagkalooban ng Aklat na nauna sa kanila na mga Hudyo at mga Kristiyano na sa paglipas sa kanila ng matagal na panahon ay pinalitan nila ang salita ng Allâh (ﷻ) at dahil dito ay tumigas ang kanilang mga puso, at karamihan sa kanila ay hindi sumusunod sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ)?

Nasa talatang ito ang pag-uutos sa pagiging malambot ng puso at pagkatakot sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pakikinig sa Kanyang ipinahayag na Aklat at pagkakamit ng karunungan at babala na huwag gumaya sa mga Hudyo at mga Kristiyano sa pagiging matigas ng kanilang mga puso, at sa paglabag nila sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ).

17. Dapat ninyong mabatid na ang Allâh (ﷻ) ay binubuhay Niya ang kalupaan sa pamamagitan ng ulan pagkatapos nitong maging tuyot at pinasisibol Niya ang mga pananim, na kung kaya, gayundin ang Kanyang kapangyarihan sa pagbuhay ng mga patay sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at Siya rin ang May Kapangyarihan para palambutin ang mga puso pagkatapos nitong maging matigas. Katiyakan, nilinaw Namin sa inyo ang mga palatandaan ng Aming Kapangyarihan; upang ito ay inyong maintindihan at maging aral sa inyo.

18. Katiyakan, ang mga gumagasta bilang kawanggawa mula sa kanilang mga kayamanan na mga kalalakihan at mga kababaihan, at ginasta nila sa Daan ng Allâh nang bukal sa kanilang mga kalooban; bilang paghahangad nila na makita ang Mukha ng Allâh (ﷻ), ay pararamihin sa kanila ang kanilang gantimpala, at para sa kanila na higit pa roon ay masaganang gantimpala na ito ay '*Al-Jannah*.'

19. At ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang mga Sugo at wala silang ginawang pagtatangi-tangi sa pagitan ng sinuman sa kanila, na sila ay mga matatapat at mga testigo sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na naiparating ng kanilang mga Propeta sa kanilang sambayanan ang mensaheng ipinagkatiwala sa kanila, at gayundin ang mga namatay nang alang-alang sa Allâh (ﷻ) ay para sa kanila ang masaganang gantimpala mula sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at mayroon silang dakilang liwanag sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Subali't ang mga yaong hindi naniwala at tinanggihan ang Aming mga palatandaan at mga katibayan, sila ang mga tao ng Impiyerno, na wala silang gantimpala at wala silang liwanag.

20. Dapat ninyong mabatid, O kayong mga tao, na ang buhay sa daigdig ay isang laro lamang at libangan, na laro lamang ng katawan at libingan lamang ng puso at mga palamuti na pinapalamuti ng mga tao, at pagyayabang sa pagitan ninyo sa mga kasiyahan dito, at pagpaparami ng yaman at mga anak, na ang katulad nito ay parang tubig-ulan na nagagalak ang mga manananim sa pamamagitan nito dahil sa pagsibol ng mga halamanan at pananim, pagkatapos ito ay natutuyo na nakikita ninyo na nagiging kulay dilaw pagkatapos nitong maging luntian, pagkatapos ito ay magiging tangkay na lamang na tuyot.

Subali't sa Kabilang-Buhay ay mayroong masidhing kaparusahan sa mga walang pananampalataya, at mayroon namang kapatawaran mula sa Allâh (ﷻ) at pagmamahal para sa mga mananampalataya. At ang makamundong buhay na ito ay isang panlilinlang na libangan lamang sa sinumang gumawa para rito at makalilimutan din niya pagkatapos nito.

21. Mag-unahan kayo, O kayong mga tao, sa pagpupunyagi tungo sa mga mababuting gawa upang mapatawad ang inyong mga kasalanan at sa taos-pusong pagbabalik-loob sa Allâh (ﷻ) at paglayo sa mga kasalanan; upang gantimpalaan kayo ng kapatawaran mula sa Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, at ang isang

'*Al-Jannah*' (Hardin) na ang lawak nito ay kasinglawak ng kalangitan at kalupaan, na siyang inihanda sa mga yaong sumamba sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang mga Sugo. At ito ay kagandahang-loob ng Allâh (ﷻ) na ipinagkakaloob Niya sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang nilikha, dahil ang '*Al-Jannah*' ay hindi maaaring makamtan kundi sa Awa lamang ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Kagandahang-loob at sa paggawa ng mabuti. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Dhûl Fadhlil `Adzeem***' – Bukod-Tanging Nagmamay-ari at Tagapagkaloob ng dakilang kagandahang-loob sa Kanyang mga alipin na mga mananampalataya.

22. Anuman ang nangyari sa inyo, O kayong mga tao, na sakuna rito sa daigdig at gayundin sa inyong mga sarili na katulad ng mga sakit at taggutom ay walang iba kundi ito ay itinakda ng Allâh (ﷻ) sa '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*' bago pa Niya likhain ang lahat ng may buhay. Katiyakan, ito ay napakadali para sa Allâh (ﷻ).

23-24. Upang hindi kayo malungkot sa anuman na hindi ninyo nakamtan na makamundong buhay at hindi kayo lubusan na matuwa sa anumang ipinagkaloob sa inyo, ng tuwa na may pagmamataas. At ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya minamahal ang sinumang nagmamayabang sa anumang ipinagkaloob sa kanya na makamundong buhay na ipinagmamayabang niya sa iba. Sila na mapagmataas ay ipinagkakait nila ang kanilang mga yaman, at hindi sila gumagasta sa Daan ng Allâh, na kanilang ipinag-uutos sa mga tao na maging maramot dahil sa kanilang pagiging makasarili.

At ang sinumang tatalikod sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) ay wala siyang pininsala kundi ang kanyang sarili lamang, at hindi niya mapipinsala ang Allâh (ﷻ), dahil ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangan na '***Al-Ghanee***' – ang Napakayaman na Ganap na walang pangangailangan sa alinman sa Kanyang nilikha, na '***Al-Hameed***' – ang Ganap na Kapuri-Puri na nasa Kanya ang lahat at ganap na mababuting katangian at gawain na karapat-dapat na Siya ay purihin at pasalamatan sa lahat ng pagkakataon.



25. Katiyakan, ipinadala Namin ang Aming mga Sugo na dala-dala nila ang mga malilinaw na katibayan, at ipinahayag Namin kasama sa pagkapadala sa kanila ang Kasulatan na naroroon ang mga alituntunin at mga batas, at ibinaba Namin ang '*Mizân*' – Timbangan upang makitungo ang mga tao sa isa't isa nang makatarungan, at ibinaba Namin para sa kanila ang bakal na naroroon sa bakal na yaon ang matinding kapangyarihan, at maraming mga kapakinabangan sa tao, upang palitawin ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan nito kung sino ang magtataguyod sa Kanyang '*Deen*' at paniniwala sa Kanyang mga Sugo hinggil sa mga '*Al-Ghayb*' – ang mga bagay na hindi nakikita. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Qawee***' – Ganap na Malakas na hindi nagagapi, na ''***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nadaraig.

26. At katiyakan, ipinadala Namin si Nûh (عليه السلام) at si Ibrâhim (عليه السلام) tungo sa kanilang sambayanan, at ginawa Namin sa lahi nilang dalawa ang pagka-Propeta at pagpapadala ng Kasulatan, na kung kaya, mayroon sa kanilang lahi ang nagabayan tungo sa katotohanan, at karamihan naman sa kanila ay lumabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ).

27. Pagkatapos ay sinundan Namin ng pagpapadala ng mga Sugo pagkatapos ni Nûh (عليه السلام) at Ibrâhim (عليه السلام) na may mga malilinaw na mga kapahayagan, at ipinadala Namin pagkatapos nila si `Îsã (عليه السلام) na anak ni Maryam at ipinagkaloob Namin sa kanya ang '*Injeel*' (Ebanghelyo), at ipinag-utos Namin sa mga puso ng mga sumunod sa kanya ang pagiging maawain at mahabagin, na kung kaya, sila ay nagmahalan sa isa't isa, subali't nag-imbento sila ng paniniwalang monastisismo – ang paglayo sa makamundong buhay bilang pagmamalabis sa pagsamba – na hindi Namin ipinag-utos sa kanila at sila lamang ang nag-utos nito sa kanilang mga sarili na ang kanilang

layunin ay mapamahal sila sa Allâh (ﷻ), subali't hindi nila ito isinagawa ng karapat-dapat na pagsasagawa para rito; dahil binago nila ang katuruan at nilabag nila ang '*Deen*' ng Allâh, na kung kaya, ipinagkaloob Namin sa sinumang naniwala sa Allâh (ﷻ) mula sa kanila at sa Kanyang mga Sugo ang kanilang gantimpala ayon sa kanilang paniniwala, subali't ang karamihan sa kanila ay lumabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at tinanggihan nila ang pagiging Propeta ni Propeta Muhammad (ﷺ), samakatuwid, ito ang naging bunga ng pag-iimbento ng kanilang pagbabago sa '*Deen*' ng Allâh.

28. O kayong mga naniwala kay Mousã (Moises عليه السلام) at naniwala kay `Îsã (Hesus عليه السلام) bilang mga Sugo! Katakutan ninyo ang parusa ng Allâh (ﷻ) at maniwala kayo sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ), upang ipagkaloob sa inyo ang dobleng gantimpala mula sa Kanyang Awa, at pagkakalooban Niya kayo ng liwanag upang maging gabay ninyo, at patatawarin sa inyo ang inyong mga kasalanan, at ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang alipin, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila.

29. Ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) para sa inyo ang lahat ng ito; upang mabatid ng lahat ng mga nagtatangan ng kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano na hindi pinaniwalaan si Muhammad, na walang pag-aalinlangan na wala silang anumang kakayahan mula sa biyaya ng Allâh (ﷻ) upang ito ay kanilang makamtan para sa kanilang mga sarili o di kaya ay kanilang ipagkaloob sa iba, dahil katiyakang ang biyaya at kagandahang-loob ay pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi na ipinagkakaloob Niya sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin, at ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Dhûl Fadhlil `Adzeem***' – Bukod-Tanging Nagmamay-ari at Tagapagkaloob ng dakilang kagandahang-loob para sa Kanyang mga nilikha.

سورة المجادلة 58

LVIII – Sûrat Al-Mujâdilah

[**Kabanata Al-Mujâdilah** – Ang Babaing Sumasangguni]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Katiyakan, narinig ng Allâh (ﷻ) ang sinabi ni *Khawlah* na anak na babae ni *Ta`labah* na isinasangguni niya sa iyo ang hinggil sa kanyang asawa na si *Aws Ibnus Sâmit*, at ang ginawa niya sa karapatan ng kanyang asawa na tinatawag na '*Dzihâr*' – na ito ay ang pagsasabi niya sa kanyang asawa: "*Ikaw para sa akin ay katulad ng likuran ng aking ina*," na ang ibig sabihin ay hindi na kita maaaring maging asawa, na siya ay nagsusumamo sa Allâh (ﷻ); upang malutas ang kanyang suliranin, at ang Allâh (ﷻ) ay nakikinig sa inyong pag-uusap na dalawa at sa kanyang pagsasangguni sa iyo. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Samee***`' – Ganap na Nakakarinig sa anumang salita, na '***Baseer***' – Ganap na Nakakakita sa lahat ng bagay na walang anuman ang naililihim sa Kanya.

2. Ang mga yaong gumagawa ng '*Dzihâr*' sa kanilang mga asawa na sinasabi ng isa sa kanila sa kanyang asawa: "*Ikaw para sa akin ay katulad ng likuran ng aking ina*," nang sa gayon ay maging bawal na sa kanya ang kanyang asawa ay sa katotohanan hindi naman talaga sila ang tunay nilang ina kundi sila ay kanilang mga asawa, dahil ang kanilang mga ina ay mga kababaihang nagsilang sa kanila. Kaya, katiyakang ang mga gumagawa ng ganitong gawain ay nakapagsabi sila ng mga karumal-dumal na kasinungalingan na wala sa

katotohanan. At katiyakang ang Allâh (ﷻ) ang `***Afûwun Ghafourun*** – Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nakagawa ng ganitong kamalian, na siya ay taos-puso na agad na humihingi ng kapatawaran sa Allâh (ﷻ).

3. At ang mga yaong ipinagbabawal nila ang kanilang mga asawa sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng '*Dzihâr*,' pagkatapos ay gusto nilang bawiin ang kanilang sinabi at nais na nilang makipagtalik sa kanilang asawa, ay nararapat sa asawang lalaki na gumawa ng '*kaffarah*' – kabayaran sa kanyang ginawa, na ito ay pagpapalaya ng babaing mananampalatayang alipin o di kaya ay lalaki bago siya makipagtalik sa kanyang asawa, at ito ang batas ng Allâh (ﷻ) sa sinumang gumawa ng '*Dzihâr*' sa kanyang asawa na ipinapayo Niya sa inyo, O kayong mga mananampalataya, upang hindi kayo makagawa ng '*Dzihâr*' o makapagsabi ng ganitong kasinungalingan, at pagbabayaran ninyo kung kayo ay nakagawa ng katulad nito, at upang hindi na ninyo balikan pa ang ganitong gawain, at ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na walang anumang nailililihim sa Kanya sa inyong mga gawain at ayon dito kayo ay tutumbasan.

4. At sinuman ang hindi makatatagpo ng alipin na kanyang palalayain ay nararapat sa kanya na mag-ayuno nang tuluy-tuloy na dalawang buwan bago siya makipagtalik sa kanyang asawa, at sinumang hindi makakayanan ang pag-ayuno nang tuluy-tuloy na dalawang buwan dahil mayroon siyang katanggap-tanggap na katwiran ay nararapat siyang magpakain ng animnapung mahihirap na sapat na pagkain. At ito ang paglilinaw Namin sa inyo ng Batas sa sinumang nakagawa ng '*Dzihâr*;' upang kayo ay maniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang Sugo, at ipatupad ang Batas ng Allâh, at iwasan na ang anumang nakasanayan ninyo noong kapanahunan ng kamangmangan, at ang mga Batas na nabanggit ay pag-uutos ng Allâh (ﷻ) at Kanyang hangganan na itinakda para sa inyo, na kung kaya, huwag ninyong lampasan. At sa mga walang pananampalataya ay mayroong masidhing kaparusahan para sa kanya.

5. Katiyakan, ang mga yaong sumalungat sa Allâh at sa Kanyang Sugo na sinalungat ang pag-uutos nilang dalawa ay ipapahiya sila ng Allâh (ﷻ), na katulad ng pagpapahiya sa mga nauna sa kanila na mga sambayanan na nilabag ang Allâh (ﷻ) at ang Kanyang mga Sugo. At katiyakang nagpahayag Kami ng malilinaw na mga talata na mga katibayan bilang pagpapatunay na ang batas ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang hangganang itinakda ay katotohanan. At para sa mga tumanggi sa mga talatang nabanggit ay parusang magpapahamak sa kanila sa Impiyernong-Apoy.

6. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na Araw na bubuhayin ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng namatay, at titipunin ng Allâh (ﷻ) ang mula sa

kauna-unahang tao hanggang sa kahuli-hulihang tao sa isang lugar, at sasabihin sa kanila ang kanilang kinasanayan na gawin, mabuti man o masama, na ito ay naitala ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang mga tagasulat sa '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*,' at pinangalagaan ng Allâh (ﷻ) sa kanila sa mga talaan ng kanilang gawain, samantalang sila ay nakalimutan na nila ang mga ito, at ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Shaheed***' – Testigo sa lahat ng bagay at walang anumang naililihim sa Kanya.



7. Hindi mo ba alam na walang pag-aalinlangang batid ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng bagay sa mga kalangitan at kalupaan? Na walang anumang nag-uusap na lihim na tatlong tao kundi ang Allâh (ﷻ) ang pang-apat dahil sa Kanyang Ganap na Kaalaman, samantalang Siya sa Kanyang Sarili ay nasa ibabaw ng Kanyang '*Arsh* (batay sa Kanyang Kamaharlikaan), at walang lima na nag-uusap nang gayong kaparaanan kundi Siya ang pang-anim, kahit na kakaunti pa ang bilang kaysa rito o mas marami ay kasama pa rin nila ang Allâh (ﷻ) dahil sa Kanyang Ganap na Kaalaman, kahit saang dako man sila naroroon, walang naililihim sa Kanya ang hinggil sa kanila na kahit na anuman, at pagkatapos ay ipababatid Niya sa Araw ng Muling Pagkabuhay kung anuman ang kanilang ginawa mabuti man o masama at ayon dito sila ay tutumbasan. Katiyakang ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '`***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam ng lahat ng bagay.

8. Hindi mo ba nakita, O ikaw na Sugo ng Allâh, ang mga Hudyo na ipinagbawal ang pag-uusap-usap sa kanila nang lihim dahil sa kaduda-dudang idinudulot nito sa kaisipan ng mga mananampalataya sa kanila, subali't binalikan pa rin nila ang ipinagbawal na ito sa kanila at nagsabwatan pa rin sila nang lihim sa isa't isa para sa kasalanan, pang-aapi at paglabag sa ipinag-utos ng Sugo? At kapag dumating sila sa iyo dahil sa anumang bagay ay babatiin ka nila ng pagbati na iba sa pagbati na iniutos ng Allâh (ﷻ) sa iyo, dahil kanilang sinabi: "*As-Sâmu `alayka*," na ang ibig sabihin ay "*Ang kamatayan ay sumaiyo*," at kanilang sinasabi sa pagitan nila: "*Hindi kaya tayo paparusahan ng Allâh sa sinasabi natin kay Muhammad kung siya ay totoo nga na Sugo ng Allâh*," sapat na sa kanila ang Impiyernong-Apoy na papasukan nila, at magdurusa sila sa sidhi ng init nito at napakasamang lugar na patutunguhan nila.

9. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, kung kayo ay nag-uusap nang lihim sa pagitan ninyo, ay huwag kayong mag-usap para sa kasalanan na

salita, o di kaya ay anumang pang-aapi sa iba, o di kaya ay labag sa utos ng Sugo, kundi pag-usapan ninyo ang anumang kabutihan, pagsunod at magandang pakikitungo, at matakot kayo sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod ninyo sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas ninyo sa Kanyang ipinagbabawal, dahil sa Kanya lamang na Bukod-Tangi kayo patutungo, kasama ang lahat ng inyong mga gawain, mga salita, na Kanyang itinala sa inyo, at ayon dito kayo ay tutumbasan.

10. Katiyakan, ang pag-uusap nang lihim bilang kasalanan at pang-aapi ay kabilang sa mga ibinubuyo ni '*Shaytân*' at siya ang nagdadala nito na pinapalamutian niya ito sa inyo; upang magkaroon ng lungkot ang mga puso ng mga mananampalataya. Subali't hindi niya masasaktan sa pamamagitan nito ang mananampalataya maliban sa kung gugustuhin ng Allâh (ﷻ) at Kanyang nanaisin, at sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi nagtitiwala ang mga mananampalataya.

11. O kayong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, sundin ninyo ang Kanyang katuruan, kapag hiniling sa inyo na luwagan ninyo ang inyong mga pagitan sa isa't isa mula sa inyong mga kinauupuan sa pagtitipun-tipon ay magbigay kayo ng puwang (o luwagan ninyo ang inyong mga pagitan sa isa't isa), at luluwagan kayo ng Allâh (ﷻ) dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at kapag sinabi sa inyo, O kayong mga mananampalataya, na tumayo mula sa inyong kinauupuan dahil sa anumang bagay na ikabubuti ninyo ay tumayo kayo.

Iniaangat ng Allâh (ﷻ) sa antas ang mga mananampalataya na mga malilinis ang kalooban mula sa inyo at iniaangat din ng Allâh (ﷻ) sa antas ang mga nagtatangan ng kaalaman ng mga matataas na antas na masaganang gantimpala na mga antas na kalugud-lugod sa Allâh (ﷻ). At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang ***Khabeer*** – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya nang ganap ang inyong mga gawain, na walang anumang naililihim sa Kanya, at ayon dito kayo ay tinutumbasan. Dito sa talatang ito ang pagpapakita sa antas ng mga may kaalaman at ang kanilang katangian at taas ng kanilang mga antas.



12. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Kapag nais ninyo na sumangguni nang sarilinan sa Sugo ng Allâh (ﷺ), na kayo at siya lamang ay magbigay muna kayo ng kawanggawa sa mga nangangailangan, at ito ang mas higit na nakabubuti sa inyo dahil sa gantimpalang idudulot nito, at nakalilinis ng inyong mga puso mula sa mga kasalanan, at kung wala kayong makikitang kaparaanan para rito, samakatuwid ay wala kayong kasalanan; dahil katiyakang ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin na mga mananampalataya, na '***Raheem***' – Ganap na Mapagmahal at Napakamaawain sa kanila.

13. Nangangamba ba kayo na maghihirap kung magbibigay kayo ng kawanggawa bago sumangguni nang sarilinan sa Sugo ng Allâh? Kung hindi ninyo ginawa ang ipinag-utos sa inyo ay pinatawad pa rin kayo ng Allâh (ﷻ), at pinahintulutan pa rin kayo na sumangguni nang sarilinan sa kanya kahit na hindi na ninyo ito gagawin, kung gayon, patatagin ninyo ang inyong mga sarili sa pananampalataya at magpatuloy kayo sa pagsasagawa ng '*Salâh*,' at pagbibigay ng obligadong kawanggawa na '*Zakâh*,' at pagsunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo sa lahat ng ipinag-utos sa inyo, at ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya nang ganap ang inyong mga gawain, at ayon dito kayo ay tutumbasan.

14. Hindi ba ninyo nakikita ang mga mapagkunwari ('*munâfiqûn*') na itinuring nila ang mga Hudyo na mga kaibigan at mga minamahal na kung saan nasa mga ito ang Galit ng Allah? At ang mga mapagkunwari sa katotohanan ay hindi sila mga Muslim at hindi rin sila mga Hudyo, at sumusumpa sila ng kasinungalingan na sila (raw) ay mga Muslim, at ikaw naman ay walang pag-aalinlangang Sugo ng Allâh (ﷺ), at sila ay batid nila na kasinungalingan ang kanilang panunumpa.

15. Inihanda ng Allâh (ﷻ) sa kanila na mga mapagkunwari ang napakatindi at napakasidhing kaparusahan, dahil katiyakang napakasama ang kanilang ginawa na pagiging mapagkunwari at pagsumpa ng kasinungalingan.

16. Ginagamit ng mga mapagkunwari ang kanilang panunumpang kasinungalingan upang maging proteksiyon sa kanila sa kamatayan na mailigtas nila ang kanilang mga sarili na hindi patayin dahil sa kanilang di-paniniwala, nang sa gayon ay hindi sila kakalabanin ng mga Muslim at hindi pakikialaman ang kanilang mga kayamanan bilang '*ghanîmah*,' at dahil doon hinarangan nila ang kanilang mga sarili at ang iba pa sa Daan ng Allâh na ito ay ang Islâm, kaya para sa kanila ang parusang magpapahamak sa kanila sa Impiyerno; dahil sa kanilang pagmamataas sa pamamagitan ng pagtanggi sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at pagharang sa Daan ng Allâh.

17. Hindi maililigtas ang mga mapagkunwari ng kanilang kayamanan at gayundin ng kanilang mga anak mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ). Sila ay mananatili sa Impiyerno magpasawalang-hanggan, na hindi sila makalalabas mula roon at doon ay hindi na sila magkakaroon pa ng kamatayan. At ang ganitong pagtutumbas o parusa ay para sa sinuman na hinarangan ang '*Deen*' (o Relihiyon) ng Allâh sa pamamagitan ng kanyang salita o gawa.

18. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay bubuhayin ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng mga mapagkunwari mula sa kanilang mga libingan, at susumpa sila sa Kanya na sila ay mga mananampalataya, na katulad din ng pagsumpa nila sa inyo, O kayong mga mananampalataya sa daigdig, at iniisip nila na ang ginagawa nilang ito ay mapakikinabangan nila sa Allâh (ﷻ) na katulad ng pakinabang nila sa daigdig sa mga Muslim. Walang pag-aalinlangang dapat ninyong mabatid na sukdulan ang kanilang kasinungalingan na hindi ito nagawa ninuman bukod sa kanila.

19. Nadaig sila ni '*Shaytân*' at nangibabaw sa kanila, hanggang sa sila ay hindi na sumunod sa mga Kautusan ng Allâh (ﷻ).

Sila ang mga nasa panig ni '*Shaytân*' at kanyang mga tagasunod. Katiyakan, na dapat ninyong mabatid na ang mga nasa panig ni '*Shaytân*' ay sila ang tunay na mga talunan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

20. Katiyakan, ang mga yaong nilabag nila ang kautusan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo, sila ang kabilang sa mga hamak na mga talunan na hahamakin sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

21. Itinala ng Allâh (ﷻ) sa '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*' at pinagpasiyahan Niya na; "*Ang pangingibabaw ay para sa Kanya*, *sa Kanyang Aklat*, *sa Kanyang mga Sugo at sa Kanyang mga alipin na mga mananampalataya*."

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Qawee***' Ganap na Malakas na hindi nagagapi, na ''***Azeez***' – Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na walang sinuman ang makadaraig sa Kanya.



22. Hindi ka makatatagpo, O Muhammad (ﷺ), ng mga tao na naniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kabilang-Buhay at ipinatutupad nila ang batas ng Allâh (ﷻ) sa kanila, na pakamamahalin nila ang sinuman na kumakalaban sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, na lumabag sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang Sugo, kahit na sila pa ay kanilang magulang o di kaya ay kanilang mga anak o di kaya ay kanilang mga kapatid o di kaya ay kanilang mga kamag-anak.

Sila ang mga nagmamahal sa Allâh (ﷻ) at kumakalaban sa kalaban ng Allâh, na itinanim ng Allâh (ﷻ) ang kanilang Pananampalataya sa kanilang mga puso, at pinatatag sila sa pamamagitan ng tulong mula sa Kanya at pagtataguyod laban sa kanilang mga kalaban dito sa daigdig, at sa Kabilang-Buhay ay papapasukin sila sa mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno nito, at sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, ipagkakaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila roon ang Kanyang pagmamahal at hindi na sila kailanman kamumuhian ng Allâh (ﷻ), at mamahalin nila ang Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha dahil sa mga ipinagkaloob sa kanila na mga karangalan at mga matataas na antas. Sila ang mga nasa panig ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang mga lubos na minamahal, at sila ang magkakamit ng kaligayahan sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

سورة الحشر 59

LIX – Sûrat Al-Hashr

[**Kabanata Al-Hashr** – Ang Pagtitipon]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Pinuri ang Allâh (ﷻ) at inilayo sa anumang bagay na hindi karapat-dapat sa Kanyang Kamaharlikaan, ng lahat ng mga nasa kalangitan at mga nasa kalupaan, at Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nadaraig, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang Pagtakda, Pangangasiwa, Paglikha at Pagtala ng mga Batas, na inilalagay Niya ang lahat ng bagay sa karapat-dapat nitong paglagyan.

2. Walang iba kundi Siya (Allâh ﷻ) ang nagpaalis sa mga yaong tumanggi sa pagiging Propeta ni Muhammad (ﷺ), mula sa mga nagtatangan ng kasulatan na sila ay yaong mga Hudyo ng Banu Nadheer, mula sa kanilang mga tahanan na malapit sa mga Muslim na karatig lugar sa Madinah, at ito ang kauna-unahang pagpapaalis sa kanila mula sa lugar ng mga Arabo tungo sa '*Sham*.'

Hindi ninyo iniisip, O kayong mga Muslim, na sila ay aalis mula sa kanilang mga tahanan, na ganoon sila kaaba at kahamak; dahil sa matinding kapangyarihan at lakas ng kanilang mga kuta. At iniisip ng mga Hudyo na ang kanilang mga kuta ang magliligtas sa kanila mula sa kaparusahan ng Allâh at walang sinuman ang makagagapi sa kanila, subali't dumating sa kanila ang pinagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) na hindi man lamang sumagi sa kanilang kaisipan na ito ay mangyayari, at ipinasok ng Allâh (ﷻ) sa kanilang mga puso ang takot at matinding pagkagimbal, na sinisira nila ang kanilang mga tahanan sa pamamagitan ng kanilang mga sariling kamay at sa kamay ng mga mananampalataya. Kung gayon, maging aral sa inyo, O kayong mga nagtatangan ng matitinong pag-iisip at matatalino, ang ganitong nangyari sa kanila.

3. At kung hindi lamang itinakda ng Allâh (ﷻ) sa kanila na sila ay lalabas mula sa kanilang mga tahanan at ito ay napagpasiyahan na ay agad nang pinarusahan sila rito pa lamang sa daigdig sa pamamagitan ng pagpatay at pagbihag sa kanila, at para sa kanila sa Kabilang-Buhay ay masidhing kaparusahan sa Impiyernong-Apoy.



4. Itong nangyari sa mga Hudyo na kaparusahan dito sa daigdig at sa anumang nakatambang (o naghihintay) sa kanila na kaparusahan sa Kabilang-Buhay ay sa kadahilanang nilabag nila ang Allâh (ﷻ) at Kautusan ng Kanyang Sugo nang matinding paglabag, at kinalaban nila ang Allâh (ﷻ) at ang Kanyang Sugo at nagpunyagi sila sa pagsagawa ng mga kasalanan. At ang sinumang lalabag sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, walang pag-aalinlangan, kung gayon, ang Allâh (ﷻ) ang '***Shadeedul `Iqâb***' – Matindi ang Kanyang kaparusahan sa kanya na nakagawa nito.

5. Anuman ang inyong pinutol, O kayong mga mananampalataya, na mga punong palmera ng mga datiles o di kaya ay pinanatili ninyo sa pagkakatayo ang mga punong yaon, na hindi na ninyo pinakialaman, ito ay kapahintulutan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang kagustuhan; upang ipahamak sa pamamagitan nito ang sinumang hindi sumunod sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) at lumabag sa Kanyang Batas na pag-uutos at pagbabawal, dahil hinayaan kayo na magapi sila.

6. At anumang ibinigay ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Sugo na napanalunan niya mula sa kayamanan ng mga Hudyo mula sa Banu Nadheer na tinatawag na '*Fâ`i*,' nang hindi na ginamitan ng kabalyeriya[60] ni pagsakay man sa kamelyo upang ito ay mapasainyo at hindi na kayo naghirap pa.

Subali't ibinibigay Niya ang kapangyarihan na magapi ng Kanyang mga Sugo ang sinuman na Kanyang nais sa mga kumakalaban sa Kanya, na sila ay susuko nang wala nang labanan, at ang '*Fâ`i*' ay ang anumang nakuha na kayamanan sa mga walang pananampalataya sa makatarungang paraan nang walang naganap na labanan. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay na walang anumang makapipigil sa Kanya.

[60]Kabalyeriya – sundalo na nakikipaglaban na nakasakay sa kabayo.

7. At ang anumang '*Fâ`i*' na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Sugo mula sa kayamanan ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, na mga taga-Makkah, na sila ay hindi na sumakay ng kabayo ni kamelyo man – ito ay pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo na ginagasta para sa kapakanan ng lahat ng mga Muslim, at sa mga kamag-anak ng Sugo ng Allâh, at sa mga ulila na sila ang mga yaong batang mahihirap na namatay ang kanilang mga ama, at sa mga mahihirap na sila ay nasa tunay na paghihikahos at pangangailangan, at anak sa daan (o tao na natigil o na-'*estranded*' sa daan) na siya ay dayuhan na naglakbay na naubusan ng baon at wala siyang anumang nalabing panustos para sa kanyang sarili; upang hindi ito maging yaman na pagpapasa-pasahan lamang ng mga mayayaman at ipagkakait sa mga mahihirap.

At anumang ipinagkaloob ng Sugo sa inyo na yaman o di kaya ay Batas na itinala para sa inyo ay panghawakan ninyo, at ang anumang ipinagbawal Niya sa inyo na huwag kunin o di-ipagawa ay iwasan ninyo, at matakot kayo sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay '***Shadeedul `Iqâb***' – Masidhi ang Kanyang kaparusahan sa sinumang lumabag at sumalungat sa Kanyang ipinag-uutos at ipinagbabawal. Ang talatang ito ang katibayan na dapat sundin ang '*Sunnah*:' salita man ito o di kaya ay gawa o di kaya ay ang ipinahintulot ng Sugo ng Allâh (ﷺ).

8. At gayundin, mayroon ding bahagi mula sa yaman ng '*Fâ`i*' na ibinigay ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Sugo ang mga mahihirap na mga '*Muhâjireen*' na sila ay yaong mga pinilit na paalisin ng mga walang pananampalataya sa Makkah sa kanilang mga tahanan at pinaiwan ang kanilang mga kayamanan na hinihingi nila sa Allâh (ﷻ) na pagkalooban sila ng kabuhayan dito sa daigdig at pagmamahal sa Kabilang-Buhay, at itinataguyod nila ang '*Deen*' (o Relihiyon) ng Allâh at ng Kanyang Sugo sa pamamagitan ng pakikipagpunyagi sa Daan ng Allâh. Ang mga katulad nila ang katiyakang matatapat na pinatunayan ng kanilang gawa ang kanilang mga sinasabi.

9. At maging ang mga yaong naninirahan sa Madinah, at naniwala sa Allâh (ﷻ) bago mangibang-bayan ang mga taga-Makkah, na sila ay yaong mga '*Ansar*' na minamahal nila ang mga '*Muhâjireen*' na mga taga-Makkah, at sila ay tinutulungan nila sa pamamagitan ng kanilang mga kayamanan, at walang anumang pag-iimbot sa kanilang mga sarili mula sa anumang ipinagkaloob sa mga taga-Makkah na '*Fâ`i*' at iba pa, at inuuna nila ang mga '*Muhâjireen*' at ang mga nangangailangan kaysa sa kanilang mga sarili, kahit pa sila ay nangangailangan din. At sinuman ang nailigtas niya ang kanyang sarili sa pagiging maramot at pagkakait ng anumang kagandahang-loob mula sa kanyang yaman ay sila ang mga magtatagumpay na makakamtan nila ang anuman na kanilang inaasam.



10. At ang mga yaong dumating na mga mananampalataya pagkatapos nila na mga '*Ansar*' at mga '*Muhâjireen*' na mga nauna, na kanilang sinasabi: "*O Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Patawarin Mo ang aming mga kasalanan at patawarin Mo ang aming mga kapatid sa pananampalataya na mga nauna kaysa sa amin na naniwala sa Iyo*, *at huwag Mong hayaan na magkaroon ng kahit na anumang pag-iimbot*, *galit ang aming mga puso sa kaninuman sa kanila na mga naniwala*. *O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Katiyakan*, *Ikaw ang* '***Raouf***' *– Punung-Puno ng Kabutihan sa Iyong alipin*, *na* '***Raheem***' *– Ganap na Mapagmahal sa kanila at Napakamaawain*."

Nasa talatang ito ang patunay na nararapat sa isang Muslim na isaalang-alang ang kabutihan ng mga nauna at manalangin para sa kanila, at mahalin niya ang mga tagasunod ng Sugo ng Allâh at alalahanin niya ang kanilang kabutihan at ihingi sila ng pagmamahal ng Allâh (ﷻ).

11. Hindi mo ba napagmasdan ang mga mapagkunwari na sinasabi nila sa kanilang mga kapatid sa di-paniniwala na mga Hudyo mula sa Banu Nadheer: "*Kapag kayo ay pinaalis ni Muhammad at ng kanyang mga kasamahan mula sa inyong mga tahanan ay aalis din kami na kasama ninyo*, *at hindi kami kailanman susunod sa kahit kaninuman sa kanila laban sa inyo upang kayo ay ipahamak*, *at hindi namin susundin ang utos ng kahit sinumang mag-utos sa amin na ipahamak kayo o pagbawalan kami na hindi sasama sa inyong pag-alis*, *at kapag nakipaglaban sila sa inyo ay makikipagtulungan kami sa inyo laban sa kanila*." Subali't ang Allâh (ﷻ) ang Testigo na ang mga mapagkunwari ay mga sinungaling sa kanilang ipinangako sa mga Hudyo ng Banu Nadheer.

12. Katiyakan, kapag pinaalis ang mga Hudyo mula sa Madinah ay hindi sasama sa kanila ang mga mapagkunwari, at kapag sila ay kinalaban ay hindi sila makikipaglaban kasama ng mga Hudyo na tulad ng ipinangako nila, at kung sakali na

sila ay makipaglaban kasama nila ay tatalikod din sila at tatakas dahil sa pagkatalo, pagkatapos ay hindi na sila tutulungan ng Allâh (ﷻ) sa halip ay ipapahamak sila at ipapahiya.

13. Katiyakan, ang takot ng mga mapagkunwari sa inyo, O kayong mga mananampalataya, ay mas matindi na nasa kanilang mga kalooban kaysa sa takot nila sa Allâh (ﷻ); dahil sa sila ay mga tao na hindi nila naiintindihan ang kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) at ang tamang paniniwala sa Kanya, at sila ay hindi natatakot sa Kanyang kaparusahan.

14. Hindi makikipagharap sa inyo ang mga Hudyo sa pakikipaglaban nang magkakasama sila, maliban na lamang kung sila ay nasa mga bayan na protektado ng mga pader at mga kuta at sila ay nasa ilalim ng mga hukay o di kaya sila ay nasa likuran ng mga haligi o malalapad na pader. At ang kanilang poot at paglalaban-laban sa isa't isa ay mas matindi, na iniisip ninyo na sila ay nagkakaisa sa iisang salita lamang, subali't ang mga puso nila ay magkakalayo; dahil sa sila ay mga tao na hindi nila naiintindihan ang utos ng Allâh (ﷻ) at hindi nila sinusuri ang mga talata ng Dakilang Qur'ân.

15. Ang katulad nila na mga Hudyo sa nangyari sa kanila na parusa ng Allâh (ﷻ) ay tulad ng nangyari sa mga walang pananampalatayang Quraysh sa Badr at sa mga Hudyo ng Bani Qaynuqa`, dahil natikman nila ang masamang bunga ng kanilang di-paniniwala at ng kanilang pakikipaglaban sa Sugo ng Allâh (ﷺ) dito sa daigdig, at ang para sa kanila sa Kabilang-Buhay ay masidhing parusa.

16. At ang katulad nila na mga mapagkunwari sa paghihikayat nila sa mga Hudyo sa pakikipaglaban at pangangako nila na sila ay makikipagtulungan sa kanila laban sa Sugo ng Allâh (ﷺ) ay tulad ni '*Shaytân*' noong hinikayat niya ang tao: "*Huwag kang maniwala*," na inanyayahan niya para rito, at nang hindi na nanampalataya ang tao ay kanyang sinabi: "*Walang pag-aalinlangan*, *ako ay walang pananagutan sa iyo*, *dahil katiyakang ako ay natatakot sa Allâh na* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng mga nilalang*."

17. Na kung kaya, ang naging bunga ng pangyayari kay '*Shaytân*' at sa tao na sumunod sa kanya sa di-paniniwala, ay sa Impiyerno silang pareho na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, at ito ang kabayaran sa mga masasama na lumabag sa Batas ng Allâh.

18. O kayong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at sumunod sa Kanyang gabay, katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ), at maging maingat kayo sa Kanyang parusa sa pamamagitan ng pagsagawa ng ipinag-uutos Niya sa inyo at pag-iwas ng ipinagbabawal Niya sa inyo, at hayaang suriin ng sinuman sa inyo ang anuman na kanyang nagawang gawain para sa Kabilang-Buhay, at matakot kayo sa Allâh (ﷻ) sa lahat ng inyong mga ginagawa at iniiwasan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya nang ganap ang anuman na inyong ginagawa, at walang anumang naililihim sa Kanya sa inyong mga gawain, at ayon dito kayo ay tutumbasan.

19. At huwag ninyong gawin, O kayong mga mananampalataya, ang tulad ng mga yaong hindi nila isinakatuparan ang karapatan ng Allâh (ﷻ) na ipinag-utos sa kanila, at ito ay nakaligtaan nila, dahil doon ay ipinakaligta rin sa kanila ang karapatan ng kanilang mga sarili na kabutihan para sila ay makaligtas mula sa parusa ng Allâh sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sila ang mga yaong itinuturing na mga masasama na lumabag sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at sa pagsunod sa Kanyang Sugo.

20. Na kung kaya, hindi maaaring magkatulad ang mga taong maninirahan ng Impiyerno na pinaparusahan at ang mga taong maninirahan ng '*Al-Jannah*' (Hardin) na pinaliligaya, dahil ang mga maninirahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ang tunay na mga nagtagumpay na nagkamit ng lahat ng kanilang minimithi, na ligtas sa anumang bagay na di kanais-nais.

21. Kung ibinaba lamang Namin ang Dakilang Qur'ân sa isa sa mga bundok mula sa maraming kabundukan, ay maiintindihan nito (bundok) kung anuman ang pangako at babala na nasa loob nito (Qur'ân), at makikita na kahit na napakatibay at napakalakas at napakalaki ng bundok na ito, ay magpapasailalim pa rin ito at magpapakumbaba na mabibiyak at madudurog dahil sa takot sa Allâh (ﷻ).

Ito ang mga parabola na Aming ibinibigay at nililinaw sa tao upang mapag-isipan nila ang Kapangyarihan ng Allâh (ﷻ) at ang Kanyang Kadakilaan. Nasa talata ring ito ang pag-uutos sa pagsuri ng Dakilang Qur'ân, at pag-iintindi ng mga kahulugan nito at pagpapatupad.

22. Siya ang Allâh (ﷻ), na bukod sa Kanya ay '***Lâ i-lâ-ha il-la Huwa***' – walang sinumang '*ilâh*' (diyos) na sinasamba o bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya, ang '***`Aleem***' – Ganap na Nakaaalam ng anumang kinikimkim at inihahayag, nababatid Niya ang anumang lihim at lantad, na Siya ay '***Ar-Rahmân***' – ang Pinakamahabagin na saklaw ng Kanyang habag ang lahat ng bagay, na Siya ay '***Ar-Raheem***' – ang Pinakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa mga naniwala sa Kanya.

23. Siya ang Allâh (ﷻ), na bukod sa Kanya ay '***Lâ i-lâ-ha il-la Huwa***' – walang sinumang diyos na sinasamba o bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin kundi Siya, '***Al-Malik***' – ang Nagmamay-ari at Hari ng lahat ng bagay, na Siya ang ganap na may kapangyarihan sa kanila, na ginagawa Niya ang anuman na Kanyang nais na walang sinuman ang makapipigil at makahahadlang sa Kanya; na Siya ay '***Al-Quddûs***' – ang Dalisay at Ganap na Napakalayo sa pagiging di-kaganapan; na Siya ay '***As-Salâm***' – ang Ligtas sa lahat ng kapintasan, kakulangan o pangangailangan na ikasasanhi ng pagkabawas o pagkababa ng Kanyang mga ganap na katangian at mga pagkilos; '***Al-Mu`min***' – ang Tagapagpatunay sa mga malilinaw na mga palatandaan ng Kanyang mga Sugo at Propeta sa anumang mensahe na dala-dala nila; na Siya ay '***Al-Muhaymin***' – ang Tagapagmasid sa lahat ng Kanyang nilikha sa kanilang gawain na sakop sila ng Kanyang Kapangyarihan at Pangunguntrol; '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na walang sinuman ang makahihigit sa Kanya, na nangingibabaw sa lahat ng bagay; '***Al-Jabbar***' – ang Tagapagpuwersa na kuntrolado Niya ang Kanyang mga alipin at nagpapasailalim sa Kanya ang lahat ng Kanyang mga nilikha, '***Al-Mutakabbir***' – ang nagtataglay ng Pagmamataas na Siya lamang ang may karapatan ng Pagmamataas at Kadakilaan. Luwalhati sa Allâh (ﷻ) ang Kataas-taasan, na Siya ay ligtas na malayo sa anumang ginagawa nilang pagtatambal sa pagsamba sa Kanya.

24. Siya ang Allâh (ﷻ), '***Al-Khaliq***' – ang Tagapaglikha na napakagaling sa Kanyang paglikha ayon sa Kanyang karunungan; '***Al-Bâri***' – ang Pinakadalubhasa na Manlilikha (o Imbentor) ng lahat ng bagay ayon sa Kanyang kagustuhan; '***Al-Musawwir***' – ang Tagapagkaloob ng mga hugis ayon sa Kanyang nais. Pagmamay-ari Niya ang mga mababuti at magagandang Pangalan at mga matataas na katangian, na pumupuri sa Kanya ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan, at Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na matindi ang Kanyang paghihiganti sa mga kumakalaban sa Kanya, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha."

سورة الممتحنة 60

LX – Sûrat Al-Mumtahanah

[**Kabanata Al-Mumtahanah** – Ang Babae na Sinubok]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. O kayong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at sumunod ng Kanyang batas! Huwag ninyong ituring ang Aking kalaban at ang inyong kalaban bilang mga malalapit na kaibigan at pakamamahalin, na ipinapakita ninyo sa kanila ang inyong pagsang-ayon, na ibinabalita ninyo sa kanila ang hinggil sa Sugo ng Allâh (ﷺ) at ang lahat ng lihim ng mga Muslim, samantalang sila ay walang pag-aalinlangang tinanggihan ang anumang dala-dala ninyo na katotohanan, na paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at ang anuman na ipinahayag sa kanya na Dakilang Qur'ân, na pinaaalis nila ang Sugo at kayo, O kayong mga mananampalataya, mula sa Makkah; dahil pinaniwalaan ninyo ang Allâh (ﷻ) bilang inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at sinamba ninyo Siya nang bukod-tangi.

Kung kayo, O mananampalataya, ay nangibang-bayan na nagpunyagi alang-alang sa Aking Daan, na hinahangad ninyo ang Aking pagmamahal sa inyo ay huwag ninyong pagtutuunan ng pagmamahal ang Aking mga kalaban at iyong mga kalaban, na itinutuon ninyo sa kanila ang pagmamahal nang lihim, gayong Ganap na Nababatid Ko kung anuman ang inyong inililihim at inilalantad, at sinuman ang gagawa nito mula sa inyo ay katiyakang siya ay nalihis sa Daan ng Katotohanan, at naligaw sa Tunay na Landas.

2. Kung natamo nila ang pangingibabaw laban sa inyo at nadaig nila kayo sa lakas, sila na mga minamahal ninyo nang lihim ay kakalabanin kayo at makikipagpatayan sila sa inyo o bibihagin nila kayo o di kaya ay lalaitin nila kayo, at hinahangad nila sa lahat ng pagkakataon na sana ay matulad kayo sa kanila sa pagtanggi at di-paniniwala.

3. Wala kayong mapapalang anumang kapakinabangan sa inyong mga kamag-anak at maging sa inyong mga anak sa Araw ng Muling Pagkabuhay kung kayo ay makikipagsabwatan sa kanila na mga walang pananampalataya dahil paghihiwalayin kayo roon ng Allâh (ﷻ), at papapasukin Niya ang sinumang sumunod sa Kanya sa '*Al-Jannah*' (Hardin) at ang hindi naman sumunod sa Kanya ay sa Impiyernong-Apoy, at ang Allâh (ﷻ) ang '***Baseer***' – Ganap na Tagapagmasid sa lahat ng inyong mga ginagawa, na walang anumang naililihim sa Kanya sa inyong mga sinasabi at ginagawa.

4. Katiyakan, para sa inyo, O kayong mga mananampalataya, ang napakagandang halimbawa kay Ibrâhim at sa mga naniwala sa Allâh (ﷻ) na kasama niya, noong sinabi nila sa kanilang sambayanan na mga hindi naniwala sa Allâh: "*Katiyakan*, *kami ay walang pananagutan sa inyo at sa anuman na inyong sinasamba bukod sa Allâh*, *hindi namin kayo pinaniniwalaan*, *at tinatanggihan namin ang anumang ginawa ninyong di-paniniwala*, *at lumantad na sa pagitan namin at pagitan ninyo ang paglalaban-laban at pagkapoot magpakailanman hanggang kayo ay nananatili sa inyong pagtanggi sa Allâh*, *maliban na lamang kung kayo ay maniwala sa Kaisahan ng Allâh* (ﷻ)," subali't hindi rito kabilang sa pagiging halimbawa ni Ibrâhim ang kanyang ginawang paghingi ng kapatawaran sa kanyang ama; dahil ito ay nangyari bago mapatunayan ni Ibrâhim na ang kanyang ama pala ay kalaban ng Allâh, at nang mapatunayan niya na siya ay kalaban ng Allâh ay inalis na niya ang kanyang pananagutan sa kanya: "*O Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Sa Iyo lamang kami nananalig*, *at sa Iyo lamang kami nagbabalik-loob*, *at sa Iyo lamang kami tutungo sa Araw ng Muling Pagkabuhay*.

5. "*O Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Huwag mong hayaan na kami ay maging pagsubok para sa mga walang pananampalataya*, *na paparusahan Mo kami o di kaya ay magagapi kami ng mga walang pananampalataya*, *na sasabihin ng mga walang pananampalataya*: '*Kung sila ay nasa katotohanan ay hindi nangyari sa kanila ang kaparusahan*, *at mas lalong naragdagan ang kanilang di-paniniwala*,' *at pagtakpan Mo ang aming mga kasalanan sa pamamagitan ng Iyong pagpapatawad sa amin! Walang pag-aalinlangan*, *Bukod-Tanging Ikaw lamang ang* '***Al-`Azeez***' – *ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nahihigitan*, *na* '***Al-Hakeem***' – *ang Ganap na Maalam sa Kanyang mga salita at mga gawa*."

6. Katiyakan, mayroon para sa inyo, O kayong mga mananampalataya, mula kay Ibrâhim (عليه السلام) at sa kanyang mga kasamahan na napakagandang halimbawa sa sinumang naghahangad ng kabutihan mula sa Allâh (ﷻ), sa daigdig at sa Kabilang-Buhay. At sinuman ang tatalikod sa anumang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) na pagsunod sa Kanyang mga Propeta, at mamahalin niya ang mga kalaban ng Allâh, samakatuwid walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ay '***Al-Ghanee***' – ang Bukod-Tangi at Ganap na Napakayaman na walang anumang pangangailangan, na hindi nanga-ngailangan sa alinman sa Kanyang mga alipin, na '***Al-Hameed***' – ang Ganap na Kapuri-puri na pinupuri sa Kanyang Sarili at sa Kanyang katangian sa lahat ng pagkakataon.

7. Baka sakaling sanhiin ng Allâh (ﷻ) na magkaroon sa pagitan ninyo, O kayong mga mananampalataya, at ang mga itinuring ninyo na kalaban na inyong kamag-anak na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, na magkaroon ng pagmamahalan pagkatapos ng alitan, at pag-uunawaan pagkatapos ng pag-aaway dahil sa pagbubukas ng kanilang kalooban sa Islâm. At ang Allâh (ﷻ) ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay, at ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin, na '***Ar-Raheem***' – ang Ganap na Mapagmahal sa kanila at Napakamaawain.

8. Hindi kayo pinagbawalan ng Allâh (ﷻ), O kayong mga mananampalataya, na makitungo nang makatarungan sa kanila na mga walang pananampalataya na hindi nakipaglaban sa inyo dahil sa pagsaalang-alang sa inyong Relihiyong Islâm, at hindi nila kayo pinaalis mula sa inyong mga tahanan, at maging patas kayo sa kanila sa pamamagitan ng pagiging mabuti ninyo sa kanila.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay nagmamahal sa mga makatarungan sa kanilang mga salita at mga gawa.

9. Katiyakan, ang pinagbawalan lamang ng Allâh (ﷻ) na pakitunguhan ninyo ay sila na mga nakipaglaban sa inyo dahil sa ang inyong pananampalataya ay Islâm at pinaalis kayo mula sa inyong mga tahanan, at nakipagtulungan sila sa mga walang pananampalataya sa pagpapaalis sa inyo, na kayo ay pinagbabawalan na makitungo sa kanila na may pakikipagtulungan at pagmamagandang-loob.

At sinuman ang magturing sa kanila bilang kaagapay laban sa mga mananampalataya at sila ay mamahalin, samakatuwid, ang mga katulad nila na nagturing, ang mga tunay na masasama na nagpahamak ng kanilang mga sarili at lumabag sa Batas ng Allâh.

10. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Kapag dumating sa inyo ang mga kababaihan na mga mananampalataya na nangibang-bayan mula sa bayan ng walang pananampalataya tungo sa bayan ng Islâm ay subukin ninyo sila upang malaman ninyo kung gaano katotoo ang kanilang paniniwala; ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Nakaaalam ng katotohanan sa kanilang paniniwala, at kapag nalaman na ninyo na sila ay mga mananampalataya ayon sa mga nakita ninyo na malilinaw na mga palatandaan ay huwag na ninyo silang ibalik sa kanilang mga asawa na walang pananampalataya, dahil ang mga kababaihan na mga mananampalataya ay hindi na ipinahihintulot na mapangasawa ng mga walang pananampalataya, at hindi rin ipinahintulot sa mga walang pananampalataya na makapag-asawa ng mga mananampalatayang kababaihan, at ibigay ninyo sa mga dating asawa ng mga nag-Muslim na mga kababaihan ang anumang nagasta nilang '*Mahr*,' at wala kayong kasalanan kapag pinakasalan ninyo sila kung ibibigay ninyo sa kanila ang kanilang mga '*Mahr*.'

At huwag ninyong pigilin na mag-asawa ang mga inyong mga dating asawa na mga walang pananampalataya na mga kababaihan at hingin ninyo sa mga walang pananampalataya na mapapangasawa nila ang anuman na nagasta ninyo na '*Mahr*' sa inyong mga dating naging asawa kung sila ay tumalikod sa Islâm at sumunod sa mga walang pananampalataya, at ganoon din hilingin din nila na mga walang pananampalataya ang nagasta nila na '*Mahr*' sa kanilang mga dating naging asawa na mga nag-Muslim na sumunod sa inyo na mga mananampalataya.

Itong batas na nabanggit ay Batas ng Allâh (ﷻ) na ipinatutupad Niya sa pagitan ninyo, na kung kaya, huwag ninyong labagin. At ang Allâh (ﷻ) ang ''***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam na walang anuman ang nailililihim sa Kanya, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang mga sinasabi at ginagawa.

11. At kapag sumunod ang ilan sa naging asawa ninyo na hindi nag-Muslim sa mga walang pananampalataya, at hindi ibinalik sa inyo ng mga walang pananampalataya ang mga '*Mahr*' na ibinigay ninyo sa dati ninyong mga asawa na sumama sa kanila, pagkatapos ay nanalo kayo laban sa kanila na walang pananampalataya sa labanan ay ibigay ninyo sa kanila na mga walang pananampalataya na iniwan sila ng kanilang mga nag-Muslim na mga asawa, na nagtungo sa mga Muslim, ang mga '*Mahr*' ng kanilang dating asawa mula sa mga '*Ghânimah*' o di kaya ay sa iba na katulad ng kanilang naibigay noon, at matakot kayo sa Allâh (ﷻ) kung kayo ay talagang tunay na naniniwala sa Kanya.

الجزء الثامن والعشرون سورة الصف
يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِيُّ إِذَا جَآءَكَ ٱلْمُؤْمِنَٰتُ يُبَايِعْنَكَ عَلَىٰٓ أَن لَّا يُشْرِكْنَ
بِٱللَّهِ شَيْـًٔا وَلَا يَسْرِقْنَ وَلَا يَزْنِينَ وَلَا يَقْتُلْنَ أَوْلَٰدَهُنَّ وَلَا يَأْتِينَ
بِبُهْتَٰنٍ يَفْتَرِينَهُۥ بَيْنَ أَيْدِيهِنَّ وَأَرْجُلِهِنَّ وَلَا يَعْصِينَكَ
فِى مَعْرُوفٍ فَبَايِعْهُنَّ وَٱسْتَغْفِرْ لَهُنَّ ٱللَّهَ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ
١٢ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَتَوَلَّوْا۟ قَوْمًا غَضِبَ ٱللَّهُ عَلَيْهِمْ
قَدْ يَئِسُوا۟ مِنَ ٱلْءَاخِرَةِ كَمَا يَئِسَ ٱلْكُفَّارُ مِنْ أَصْحَٰبِ ٱلْقُبُورِ ١٣
سُورَةُ الصَّفِّ
بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ
سَبَّحَ لِلَّهِ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۖ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ
١ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لِمَ تَقُولُونَ مَا لَا تَفْعَلُونَ ٢
كَبُرَ مَقْتًا عِندَ ٱللَّهِ أَن تَقُولُوا۟ مَا لَا تَفْعَلُونَ ٣ إِنَّ
ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلَّذِينَ يُقَٰتِلُونَ فِى سَبِيلِهِۦ صَفًّا كَأَنَّهُم
بُنْيَٰنٌ مَّرْصُوصٌ ٤ وَإِذْ قَالَ مُوسَىٰ لِقَوْمِهِۦ يَٰقَوْمِ لِمَ
تُؤْذُونَنِى وَقَد تَّعْلَمُونَ أَنِّى رَسُولُ ٱللَّهِ إِلَيْكُمْ ۖ فَلَمَّا
زَاغُوٓا۟ أَزَاغَ ٱللَّهُ قُلُوبَهُمْ ۚ وَٱللَّهُ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلْفَٰسِقِينَ ٥

12. O ikaw na Propeta! Kapag dumating sa iyo ang mga kababaihan na mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo na sila ay nangangako sa iyo na hindi sila sasamba ng iba bukod sa Allâh, at hindi sila magnanakaw, at hindi sila makikiapid, at hindi nila papatayin ang kanilang mga sanggol pagkatapos ng panganganak o bago ito isilang, at hindi sila magsisinungaling na ipapangalan nila sa kanilang mga asawa ang mga bata na hindi naman talaga mga anak ng kanilang asawa, at hindi sila lalabag sa iyo sa kabutihan na ipag-uutos mo sa kanila, ay makipagkasundo ka sa kanila, at hilingin mo sa Allâh (ﷻ) na patawarin sila sa kanilang pagkakasala. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa Kanyang mga alipin na nagsisisi, na '***Raheem***' – Ganap na Mapagmahal sa kanila at Napakamaawain.

13. O kayong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo! Huwag na ninyong iturin na mga malalapit na kaibigan ang mga taong kinapootan ng Allâh (ﷻ) dahil sa kanilang pagtanggi sa Allâh. Katiyakan, wala na silang pag-asa pa sa gantimpala ng Allâh (ﷻ) sa Kabilang-Buhay na tulad ng mga walang pananampalataya, na mga nakalibing na wala na silang pag-asa pa sa awa ng Allâh (ﷻ) sa Kabilang-Buhay kapag nasaksihan na nila ang katotohanan na mangyayari, at natiyak na nila na sila ay walang anumang kabahagi na kabutihan.

سورة الصف 61

LXI – Sûrat As-Saff

[**Kabanata As-Saff** – Ang Hanay o ang Hilera]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Pinuri ang Allâh (ﷻ) at inilayo sa anumang bagay na hindi karapat-dapat sa Kanyang Kamaharlikaan ng lahat ng mga nasa kalangitan at mga nasa kalupaan, at Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na di nadaraig, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang mga salita at mga gawa: pagtatakda, pangangasiwa, paglikha at pagsasatala ng Batas, na inilalagay Niya ang lahat ng bagay sa karapat-dapat nitong paglagyan.

2. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Bakit kayo nangangako ng pangako o nagsasalita ng mga salita na hindi naman ninyo tinutupad? Ito ay pagsalungat sa sinuman na sinasalungat ng kanyang gawa ang kanyang sinasabi.

3. Kapoot-poot sa paningin ng Allâh (ﷻ) ang inyong sinasabi sa inyong mga bibig na hindi naman ninyo ginagawa.

4. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay minamahal Niya ang mga nakikipaglaban sa Kanyang daan na mga nakahelera na para silang matitibay na mga estruktura (haligi o gusali) na hindi nalulusutan ng kalaban. Nasa talatang ito ang katangian ng '*Jihâd*' – pagpupunyagi sa Daan ng Allâh at ang mga *Mujâhideen*; dahil sa pagmamahal ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin na mga mananampalataya kapag sila ay nakahelera na humaharap sa mga kumalaban sa Kanya (Allâh ﷻ), na sila ay nakipaglaban sa Kanyang Daan.

5. At ipaalaala mo sa iyong sambayanan, O Muhammad (ﷺ), noong sinabi ng Propeta ng Allâh (ﷻ) na si Mousã (عليه السلام) sa kanyang sambayanan: "*Bakit ninyo ako nilalait sa salita at sa gawa*, *gayong batid ninyo na ako ay Sugo ng Allâh sa inyo?*" Na kung kaya, nang sila ay lumihis sa katotohanan samantalang ito ay batid nila at nagpumilit sila rito, ay nilihis ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso mula sa pagtanggap ng patnubay; bilang parusa sa kanila sa kanilang paglihis na pinili ng kanilang mga sarili. At ang Allâh (ﷻ) ay hindi Niya ginagabayan ang mga taong naghimagsik na sumuway sa pagsunod sa Kanya at lumabag sa Kanyang Batas.

6. Ipaalaala mo, O Muhammad (ﷺ), sa iyong sambayanan, noong sinabi ni `Îsã na anak ni Maryam (عليه السلام) sa kanyang sambayanan: "*O angkan ni Isrâ`il*, *walang pag-aalinlangan*, *ako ay Sugo ng Allâh sa inyo na pinatutunayan ang anumang dumating na nauna kaysa sa akin na* '*Tawrah*,' *at nagbibigay ng magandang balita at tumitestigo sa Sugo na darating pagkatapos ko na ang kanyang pangalan ay Ahmad*, *na siya si Muhammad*, *at mag-aanyaya na siya ay paniwalaan*," subali't nang dumating sa kanila si Muhammad (ﷺ) na may dala-dalang malilinaw na mga talata, kanilang sinabi: "*Ang dala-dala mo sa amin ay malinaw na salamangka*."

7. At sino pa ba ang mas matindi ang kanyang kasamaan at paglabag kaysa sa kanya na nag-imbento ng kasinungalingan laban sa Allâh, na siya ay nagturing ng mga katambal sa kanyang pagsamba sa Allâh, gayong siya ay inaanyayahan na pumasok sa Islâm at maging taos-puso ang kanyang pagsamba sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi? At hindi ginagabayan ng Allâh (ﷻ) ang mga yaong hinamak nila mismo ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagtanggi sa Allâh at pagsamba ng iba, na sila ay hindi Niya gagabayan sa anumang patnubay.

8. Ninanais nila na mga masasama na sirain ang katotohanan na dala-dala ni Muhammad (ﷺ), na ito ay ang Qur'ân, sa pamamagitan ng kanilang mga sinasabing kasinungalingan. Subali't ito ay hindi nila kailanman maisasakatuparan bagkus ay pangingibabawin Niya ang Katotohanan – ang Liwanag ng Islâm – sa pamamagitan ng pagbubuo ng Kanyang '*Deen*' kahit ito ay kamuhian pa ng mga walang pananampalataya.

9. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagpadala sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ) na dala-dala niya ang Patnubay na ito ay ang Qur'ân at ang '*Deen*' (o Relihiyon) ng Katotohanan na ito ay ang '*Deen Al-Islâm*;' upang ito ay pangingibabawin Niya sa

lahat ng relihiyon na labag at salungat dito kahit na ito ay kamuhian pa ng mga '*Mushrikûn*' – sumasamba ng iba bukod sa Allâh.

10. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Nais ba ninyong gabayan Ko kayo sa dakilang pakikipagkalakalan na magliligtas sa inyo mula sa masidhing kaparusahan?

11. Na kayo ay manatili sa inyong paniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at kayo ay magpunyagi at makipaglaban sa Daan ng Allâh; upang itaguyod ang Kanyang '*Deen*' sa pamamagitan ng inyong yaman at inyong buhay: ito ang mas higit na nakabubuti sa inyo kaysa sa makamundong pakikipagkalakalan, kung kayo ay nakababatid sa anumang nakapipinsala at nakabubuti sa inyo ay sundin ninyo ito.

12-13. Kapag ginawa ninyo, O kayong mga mananampalataya, ang ipinag-utos sa inyo ng Allâh (ﷻ) ay patatawarin Niya sa inyo ang inyong mga kasalanan at papapasukin Niya kayo sa mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno nito, at sa mga tahanan na kalugud-lugod na mga malilinis na nasa mga hardin na mananatili kayo roon magpasawalang-hanggan, na ito sa katotohanan ang dakilang tagumpay na wala nang makahihigit pa rito.

At iba pang karagdagang biyaya para sa inyo, O kayong mga mananampalataya, na ito ay inaasam ninyo, ang inyong pangingibabaw at pagwawagi mula sa Allâh (ﷻ) ay darating sa inyo, at maagang tagumpay ninyo sa pamamagitan mismo ng inyong mga kamay. At ipamalita mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga mananampalataya, ang tagumpay, pagkapanalo rito sa daigdig at ang '*Al-Jannah*' (o Hardin) sa Kabilang-Buhay.

14. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Gawin ninyo ang inyong mga sarili na kaagapay ng '*Deen*' ng Allâh, na katulad ng mga pinili na tagasunod ni `Îsã (Hesus عليه السلام), na sila ang naging tagapagtaguyod ng '*Deen*' ng Allâh noong sinabi sa kanila ni `Îsã: "*Sino sa inyo ang susunod at tutulong sa akin upang siya ay mapamahal sa Allâh* (ﷻ) *at mapalapit?*" Sinabi nila: "*Kami ang mga tagapagtaguyod ng* '*Deen*' *ng Allâh na kami ay magpupunyagi nang alang-alang sa Kanya*." Pagkatapos ang isang grupo mula sa angkan ni Isrâ`îl ay ginabayan at ang isang grupo naman ay naligaw, na kung kaya, pinagkalooban Namin ng kapangyarihan ang naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at tinulungan Namin sila laban sa kanilang kalaban mula sa iba't-ibang grupo ng mga nag-aangking tagasunod ni Îsâ (Hesus عليه السلام) gayong hindi naman talaga totoo, at sila ay nagtagumpay laban sa kanila; at ito ay sa pamamagitan ng pagkakapadala kay Muhammad (ﷺ).

سورة الجمعة 62

LXII – Sûrat Al-Jumu`ah

[**Kabanata Al-Jumu`ah** – Ang (Araw ng) Jumu`ah (Biyernes)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Pinuri ang Allâh (ﷻ) at inilayo sa anumang bagay na hindi karapat-dapat para sa Kanyang Kamaharlikaan, ng lahat ng mga nasa kalangitan at mga nasa kalupaan, na Siya ay '***Al-Malik***' – ang Bukod-Tanging Hari at Tagapagmay-ari ng lahat ng bagay, na wala Siyang kahati ni kabahagi ni katambal man, at ginagawa Niya ang anuman na Kanyang nais na walang sinuman ang makapipigil sa Kanya, na Siya ay '***Al-Quddus***' – ang Banal, Ganap ang mga Katangian, at Malaya at Ligtas sa lahat ng pangangailangan at anumang kakulangan, na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nadaraig, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa lahat ng Kanyang Pagpapanukala, Pangangasiwa at Paglikha.

2-3. Walang iba kundi ang Allâh (ﷻ) ang nagpadala sa mga Arabo ng Sugo na hindi marunong bumasa, na nagmula mismo sa kanila tungo sa lahat ng sangkatauhan, na walang anumang (Banal na) Kasulatan ni bakas ng mensahe ang nakarating sa kanila, na binibigkas sa kanila ang Qur'ân at nililinis sila mula sa mga maling paniniwala at mga masasamang pag-uugali, at itinuturo sa kanila ang Qur'ân at ang '*Sunnah*.'

At katiyakan, sila bago ang pagkakapadala ng Sugong ito ay nasa malinaw na pagkaligaw mula sa katotohanan. At ipinadala rin siya sa ibang mga sambayanan, at maging sa mga darating pang henerasyon na hindi pa lumilitaw, na ito ay magmumula sa mga Arabo at mga hindi Arabo, na siya ay ipinadala bilang Sugo sa lahat ng sangkatauhan. At ang Allâh (ﷻ), Siya ay '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan, Bukod-Tangi at Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang mga sinasabi at ginagawa.

4. Itong pagkakapadala sa Sugo na si Muhammad (ﷺ) para sa sambayanan ng mga Arabo at hindi Arabo ay bilang kagandahang-loob na mula sa Allâh (ﷻ), na ipinagkakaloob Niya sa sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin, na Siya ang '***Dhûl Fadhlil `Adzeem***' – Bukod-Tanging Nagmamay-ari at Tagapagkaloob ng dakilang kagandahang-loob at masaganang biyaya.

5. Ang kahalintulad ng mga Hudyo na inutusan na ipatupad ang '*Tawrah*' subali't pagkatapos ay hindi naman nila ito isinagawa, ay katulad ng isang asno na pasan-pasan nito ang mga aklat subali't hindi nito alam kung ano ang nasa loob nito, napakasama ang ginawang paghahalintulad sa mga tao na tinanggihan ang mga talata ng Allâh (ﷻ), at hindi naging kapaki-pakinabang sa kanila ang mga ito.

At hindi ginagabayan ng Allâh (ﷻ) ang mga masasama na lumalabag sa Kanyang hangganang itinatakda at hindi sumusunod sa Kanyang kagustuhan.

6. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), na sumusunod sa binago at sinirang katuruan ng mga Hudyo: "*Kung inaangkin ninyo – bilang kasinungalingan – na kayo ay mga minamahal ng Allâh kaysa sa ibang mga tao ay hangarin ninyo ang kamatayan kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin na mahal kayo ng Allâh* (ﷻ)."

7. At kailanman ay hindi nila aasamin na mga Hudyo ang kamatayan dahil sa mas nanaig sa kanila ang makamundong buhay kaysa sa Kabilang-Buhay, at pagkatakot sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) sa kanila dahil sa kanilang nagawang di-paniniwala at masamang gawain! At ang Allâh (ﷻ) ang ''***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa mga masasama, at walang anuman ang nalilihim sa Kanya sa kanilang pagiging masama.

8. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *ang kamatayan na inyong tinatakasan ay walang pag-aalinlangang makahaharap ninyo*, *dahil katotohanang ito ay darating sa inyo sa katapusan ng inyong buhay*, *pagkatapos kayo ay ibabalik sa Araw ng Muling Pagkabuhay tungo sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang Ganap na Nakababatid ng anumang lihim at anumang nakikita*, *at ipababatid Niya sa inyo ang inyong mga kinagawian na gawin*, *at ayon dito kayo ay tutumbasan*."

9. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Kapag nanawagan ang tagapagtawag ng '*Salâh*' sa araw ng Jumu`ah samakatuwid ay magsitungo kayo sa '*Khutbah*' bilang pakikinig sa pagpapayo at sa pagsagawa ng papuri o pag-alaala sa Allâh (ﷻ), at pansamantalang iwanan ninyo muna ang pakikipagkalakalan, at gayundin ang pamimili at ang lahat ng anumang makaaabala sa inyo. At itong ipinag-utos sa inyo ay mas higit na nakabubuti para sa inyo; dahil naririto ang kapatawaran ng mga kasalanan at gantimpala ng Allâh (ﷻ) sa inyo, kung batid ninyo (na ito) ay nakabubuti sa inyong mga sarili ay gawin ninyo ito.

الجزء الثاني والعشرون سورة المنافقون

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا نُودِىَ لِلصَّلَوٰةِ مِن يَوْمِ ٱلْجُمُعَةِ
فَٱسْعَوْا۟ إِلَىٰ ذِكْرِ ٱللَّهِ وَذَرُوا۟ ٱلْبَيْعَ ۚ ذَٰلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ
تَعْلَمُونَ ﴿٩﴾ فَإِذَا قُضِيَتِ ٱلصَّلَوٰةُ فَٱنتَشِرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ
وَٱبْتَغُوا۟ مِن فَضْلِ ٱللَّهِ وَٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ كَثِيرًا لَّعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ
﴿١٠﴾ وَإِذَا رَأَوْا۟ تِجَٰرَةً أَوْ لَهْوًا ٱنفَضُّوٓا۟ إِلَيْهَا وَتَرَكُوكَ قَآئِمًا ۚ قُلْ
مَا عِندَ ٱللَّهِ خَيْرٌ مِّنَ ٱللَّهْوِ وَمِنَ ٱلتِّجَٰرَةِ ۚ وَٱللَّهُ خَيْرُ ٱلرَّٰزِقِينَ ﴿١١﴾

سُورَةُ الْمُنَافِقُونَ

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

إِذَا جَآءَكَ ٱلْمُنَٰفِقُونَ قَالُوا۟ نَشْهَدُ إِنَّكَ لَرَسُولُ ٱللَّهِ ۘ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ
إِنَّكَ لَرَسُولُهُۥ ۗ وَٱللَّهُ يَشْهَدُ إِنَّ ٱلْمُنَٰفِقِينَ لَكَٰذِبُونَ ﴿١﴾
ٱتَّخَذُوٓا۟ أَيْمَٰنَهُمْ جُنَّةً فَصَدُّوا۟ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ إِنَّهُمْ سَآءَ مَا كَانُوا۟
يَعْمَلُونَ ﴿٢﴾ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ ءَامَنُوا۟ ثُمَّ كَفَرُوا۟ فَطُبِعَ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ
فَهُمْ لَا يَفْقَهُونَ ﴿٣﴾ ۞ وَإِذَا رَأَيْتَهُمْ تُعْجِبُكَ أَجْسَامُهُمْ ۖ
وَإِن يَقُولُوا۟ تَسْمَعْ لِقَوْلِهِمْ ۖ كَأَنَّهُمْ خُشُبٌ مُّسَنَّدَةٌ ۖ يَحْسَبُونَ كُلَّ
صَيْحَةٍ عَلَيْهِمْ ۚ هُمُ ٱلْعَدُوُّ فَٱحْذَرْهُمْ ۚ قَٰتَلَهُمُ ٱللَّهُ ۖ أَنَّىٰ يُؤْفَكُونَ ﴿٤﴾

10. At kapag nakapakinig na kayo ng '*Khutbah*' at naisagawa na ninyo ang pagsa-'*Salâh*' ay magsihayo kayo sa kalupaan, at hingin ninyo ang kabuhayan mula sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng inyong pagpupunyagi at sambitin ninyong madalas ang mga papuri sa Allâh (ﷻ) sa lahat ng inyong katayuan; upang makamtan ninyo ang tagumpay sa daigdig at Kabilang-Buhay.

11. At kapag nakita nila na mga Muslim ang ilang mga kalakal (paninda) o anumang bagay na nakatatawag pansin na makamundo at mga palamuti nito ay nagkakawatak-watak sila patungo roon, at iniwan ka nila, O Muhammad (ﷺ), na nakatayo sa iyong '*mimbar*' o pulpito na nagbibigay ng pagpapayo. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Anuman ang nasa Allâh* (ﷻ) *na gantimpala at kasiyahan ay mas higit na kapaki-pakinabang sa inyo kaysa sa mga palamuti at kalakal na inyong hinahangad! At ang Allâh* (ﷻ) *ang* '***Khayrul Râziqeen***' *– Bukod-Tanging Pinakamabuting Tagapagbigay ng kabuhayan at Tagapagkaloob*, *na kung kaya*, *sa Kanya lamang kayo humingi*, *at hingin ninyo sa Kanya ang tulong sa pamamagitan ng pagsunod ninyo sa Kanya upang makamtan ninyo mula sa Kanya ang anumang mas nakabubuti sa inyo rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay*."

سورة المنافقون 63

LXIII – Sûrat Al-Munâfiqûn

[**Kabanata Al-Munâfiqûn** – Ang Mga Mapagkunwari]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Kapag dumating sa iyong pagpupulong, O Muhammad, ang mga mapagkunwari na kanilang sinabi: "*Tumitestigo kami na sa katunayan ikaw ay Sugo ng Allâh*." Ganap na Nababatid ng Allâh (ﷻ) na ikaw ay Kanyang Sugo, at ang Allâh (ﷻ) ay tumitestigo na ang mga mapagkunwari ay mga sinungaling sa kanilang panlabas na pagpapakita ng pagtestigo sa iyo, na sila ay sumusumpa sa pamamagitan ng kanilang mga bibig at inililihim nila sa kanilang kalooban ang pagtanggi at di-paniniwala.

2-3. Katiyakan, ginagawa nila na mga mapagkunwari ang panunumpa upang mapangalagaan nila ang kanilang mga sarili mula sa paninisi at parusa, at sa ganito nila pinigilan ang kanilang mga sarili at pinigilan ang mga tao mula sa Matuwid na Daan ng Allâh (ﷻ). Walang pag-aalinlangan, napakasama ng kanilang ginawa; dahil sa sila ay naniwala bilang panlabas na pagpapakita lamang, subali't sa kanilang kalooban ay poot, pagtanggi at di-paniniwala, na kung kaya, isinara ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga puso dahil sa kanilang di-paniniwala, kaya hindi na nila naintindihan kung ano ang nakababuti sa kanila.

4. At kapag nakita mo sila na mga mapagkunwari ay mamamangha ka at kalulugdan mo ang kanilang tindig at panlabas na kaanyuan, at kapag sila ay nagsalita, pakikinggan mo ang kanilang mga salita; dahil sa tatas ng kanilang mga dila, subali't ang kanilang mga puso ay walang laman na tamang paniniwala, at ganoon din ang kanilang kaisipan, wala rin ito sa tamang pag-iintindi at sa anumang kapaki-pakinabangan na kaalaman. Ang katulad nila ay parang mga kahoy na nakasandal sa pader na walang halaga, na iniisip nila na sa tuwing may di-kanais-nais na pangyayari o nakatatakot na pangyayari ay laban sa kanila na sila ang pinupuntirya at sisirain sila; dahil katotohanang batid nila ang kanilang tunay na katayuan, at ito ay nagpapahiwatig ng kanilang labis na kaduwagan at labis na pagkatakot na nakatanim sa kanilang kalooban. Sila ay iyong mga kaaway at sukdulan ang kanilang poot sa iyo at sa mga mananampalataya, na kung kaya, maging maingat ka sa kanila, isinumpa sila ng Allah at inilayo sa Kanyang awa! Paanong tinatanggihan nila ang katotohanan at nagtungo sila sa pagiging mapagkunwari at pagkaligaw.



5. At kapag sinabi sa kanila na mga mapagkunwari: "*Magsipagbalik-loob kayo sa Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng pag-amin ninyo sa anumang nagawa ninyong masasamang salita at kamangmangan*, *at ihihingi kayo ng Sugo ng Allâh ng kapatawaran sa Allâh* (ﷻ) *na* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*," ay iiiling nila ang kanilang mga ulo bilang pang-iinsulto at pagmamataas, at makikita mo sila, O Muhammad, na tatalikod sa iyo at nagmamataas sa pamamagitan ng di-pagsunod sa anumang iminungkahi mo sa kanila.

6. Pareho rin sa kanila na mga mapagkunwari, O Muhammad, ihingi mo man sila ng kapatawaran o hindi mo sila ihingi ng kapatawaran, kailanman ay hindi patatawarin ng Allâh (ﷻ) ang kanilang mga kasalanan; dahil sa kanilang pagpupumilit sa pagiging masama at pagiging matindi sa kanilang pagtanggi sa Allâh (ﷻ). Katiyakang hindi ginagabayan ng Allâh (ﷻ) sa paniniwala ang mga tumanggi sa Kanya, na mga naghimagsik na hindi sumunod sa Kanyang kagustuhan.

7. Sila na mga mapagkunwari ay sinasabi nila sa mga taga-Madinah: "*Huwag kayong magbigay ng kawanggawa sa mga tagasunod ni Muhammad na mga* '*Muhâjireen*,' *hanggang sa sila ay lumayo sa kanya* (*Muhammad*)," gayong Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi ang mga yaman sa mga kalangitan at kalupaan, at ang anumang nasa dalawang ito na kabuhayan, pinagkakalooban Niya ang sinuman na Kanyang nais at pinagkakaitan Niya ang sinuman na Kanyang nais, subali't hindi ito nauunawaan ng mga mapagkunwari.

8. Sinasabi ng mga mapagkunwari (bilang pag-aalipusta): "*Kapag kami ay bumalik sa Madinah ay tiyak na palalabasin* (*o itataboy*) *ng mas kagalang-galang ang grupo ng mga hamak*," na ang ibig sabihin ng '*mga hamak*' ay yaong mga mananampalataya at ang ibig sabihin ng '*mas kagalang-galang*' sa kanila ay ang pinakapinuno ng mga mapagkunwari, subali't pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) ang karangalan, at

gayundin ng Kanyang Sugo at ng mga mananampalataya na naniniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at hindi sa iba, gayunpaman, ang mga mapagkunwari ay hindi nila ito batid dahil sa tindi ng kanilang kamangmangan.

9. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Huwag ninyong pahintulutan na kayo ay malinlang ng inyong mga yaman, at gayundin, ng inyong mga anak mula sa pagsamba sa Allâh (ﷻ) at pagsunod sa Kanya, at sinuman ang malinlang hinggil dito (pagsamba) ng kanyang mga yaman at kanyang mga anak, sila sa katotohanan ang mga ganap na talunan na wala silang anumang bahagi mula sa parangal ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Awa.

10. At gumasta kayo, O kayong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo, mula sa ilang bahagi ng anumang ipinagkaloob Namin sa inyo sa Daan ng Mabuti, bago dumating sa isa sa inyo ang kamatayan, at kanyang sasabihin bilang pagsisisi kapag nakita na niya ang mga palatandaan nito: "*O Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Maaari Mo ba akong pagkalooban ng maikli pang panahon*, *at iantala Mo ang aking kamatayan ng kahit maiksing oras*, *upang makapagbigay ako ng kawanggawa mula sa aking kayamanan*, *at nang ako ay maging kabilang sa mga mababuti na may takot sa Iyo?*"

11. At kailanman ay hindi na iaantala ng Allâh (ﷻ) ang sinumang may buhay kapag dumating na ang kamatayan nito, at nabuo na niya ang nakatakdang buhay na para sa kanya. At walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya nang ganap ang anumang inyong ginagawa, mabuti man o masama, at ayon dito kayo ay tutumbasan.

سورة التغابُن 64

LXIV – Sûrat At-Taghâbun

[**Kabanata At-Taghâbun** – Ang Pagiging Talunan (ng mga papasok sa Impiyerno)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. Pumupuri sa Allâh (ﷻ) at inilalayo sa anumang bagay na hindi karapat-dapat sa Kanyang Kamaharlikaan ang lahat ng mga nasa kalangitan at mga nasa kalupaan, at Pagmamay-ari ng Allâh (ﷻ) ang walang hanggang pangangasiwa sa lahat ng bagay, at sa Kanya rin ang pinakamabuting pagpupuri, at Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan na May Kakayahang gawin ang lahat ng bagay.

2. Ang Allâh (ﷻ) ang Siyang lumikha sa inyo mula sa wala, subali't ang iba sa inyo ay tinatanggihan ang Kanyang karapatan na Bukod-Tanging karapat-dapat lamang na sambahin, at ang iba naman sa inyo ay naniniwala sa Kanya at sumusunod sa Kanyang Batas, at Siya ang '***Baseer***' – Ganap na Tagapagmasid sa inyong ginagawa at walang anumang nailalihim sa Kanya hinggil dito, at ayon dito kayo ay Kanyang tutumbasan.

3. Nilikha ng Allâh (ﷻ) ang mga kalangitan at ang kalupaan sa pinakaganap na karunungan, at nilikha kayo sa pinakamagandang hugis, at sa Kanya kayo magbabalik sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at tutumbasan Niya ang bawa't isa ayon sa kanyang ginawa.

4. Batid ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng mga nasa kalangitan at mga kalupaan, at batid Niya ang anumang inililihim ninyo sa mga pagitan ninyo, O kayong mga tao, at ang anuman na inyong inilalantad. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa anumang ikinukubli ng mga dibdib at kinikimkim ng mga sarili.

5. Hindi ba dumating sa inyo, O kayong mga sumamba ng iba bukod sa Allâh, ang kuwento ng mga yaong hindi naniwala sa Allâh na mga naunang sambayanan kaysa sa inyo, na dumating sa kanila ang kaparusahan dahil sa kanilang pagtanggi sa Allâh (ﷻ) at sa kanilang masamang gawain dito sa daigdig, at para sa kanila sa Kabilang-Buhay ay masidhing parusa?

6. Itong dumating sa kanila na parusa sa daigdig, at anumang mangyayari pa sa kanila na parusa sa Kabilang-Buhay; ay dahil sa noong dumating sa kanila ang mga Sugo ng Allâh, na dala-dala nila ang mga malilinaw na talata at ang mga malilinaw na himala, ay kanilang sinabi bilang pagtanggi: “*Tao lamang ba na katulad namin ang gagabay sa amin?*”

Na kung kaya, tinanggihan nila ang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at tinanggihan nila ang mensahe ng mga Sugo, at tinalikuran nila ang katotohanan at hindi nila tinanggap, subali’t ang Allâh (ﷻ) ay hindi nangangailangan sa kanila, na Siya ay ‘***Ghanee***’ – Napakayaman na malayung-malayo sa lahat ng pangangailangan na ganap ang Kanyang kalayaan at di-pangangailangan sa kahit na kaninupaman, na Siya ang ‘***Hameed***’ – pinupuri sa Kanyang mga salita, mga gawa at mga katangian sa lahat ng pagkakataon, na Siya ay hindi nangangailangan sa kanila, at walang anumang mawawala sa Kanya sa kanilang pagkaligaw.

7. Inangkin ng mga hindi naniwala sa Allâh bilang maling pag-aangkin na kailanman sila ay hindi na palalabasing pang muli mula sa kanilang mga libingan pagkatapos ng kanilang kamatayan, sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): “*Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan*, *kundi sumusumpa ako sa Allâh* (ﷻ) *na aking* ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha*, *na palalabasin Niya kayo mula sa inyong mga libingan na buhay*, *pagkatapos ay ipababatid sa inyo kung ano ang inyong ginawa sa daigdig*, *at ito ay napakadali lamang para sa Allâh* (ﷻ).”

8. Na kung kaya, maniwala kayo sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, O kayong mga sumasamba ng iba, at sumunod kayo sa gabay ng Dakilang Qur’ân na ipinahayag Niya sa Kanyang Sugo. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘***Khabeer***’ – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya nang ganap ang anumang inyong ginagawa at walang anumang naililihim sa Kanya sa inyong mga gawain at sinasabi, at ayon dito kayo ay tutumbasan sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

9. Alalahanin ninyo, ang Araw ng Pagtitipun-tipon na kung saan kayo ay titipunin ng Allâh (ﷻ) sa Araw na yaon, ang lahat ng mga nauna at ang lahat ng mga huli pang dumating, na itong Araw na ito ay lilitaw ang pagkatalo ng mga tao ng Impiyerno; dahil sa kanilang ginawang pagtanggi sa pagsunod sa Allâh (ﷻ). At ang sinumang naniwala sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang kagustuhan ay buburahin sa kanya ang kanyang mga kasalanan, at papapasukin siya sa mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga palasyo nito, na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, at itong pagpanatili sa mga Hardin na ito ang pinakadakilang tagumpay na wala nang hihigit pa.



10. At ang mga yaong tumanggi sa paniniwala sa Allâh at di-pinaniwalaan ang Kanyang mga kapahayagan at mga katibayan na Kanyang ipinagkaloob sa Kanyang mga ipinadalang Sugo, sila ang mga maninirahan sa Apoy, na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, at napakasama ng kanilang patutunguhan na Impiyernong-Apoy.

11. Anuman ang nangyaring sakuna sa sinuman ay hindi ito nangyari kundi sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ) mula sa Kanyang pagpapasiya at pagtatakda. At sinumang naniwala sa Allâh ay gagabayan ng Allâh (ﷻ) ang kanyang puso upang maging katanggap-tanggap sa kanya ang Kanyang kagustuhan at upang siya ay mapamahal sa anuman na Kanyang pinagpasiyahan. At ang Allâh (ﷻ) ang ‘`***Aleem***’ – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay na walang anuman ang naililihim sa Kanya.

12. At sumunod kayo sa Allâh (ﷻ), O kayong mga tao at magpasailalim kayo sa Kanyang kagustuhan na pag-uutos at pagbabawal, at sumunod kayo sa Kanyang Sugo sa anuman na kanyang ipinarating sa inyo mula sa Allâh (ﷻ) na kanyang ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha, at kapag kayo ay tumalikod mula sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, ay hindi makaaapekto sa Kanyang Sugo ang inyong pagtalikod, kundi ang tungkulin lamang niya ay iparating sa inyo ang anumang mensahe na dala-dala niya at iparating nang malinaw na pagpaparating.

13. Ang Allâh (ﷻ) ang Bukod-Tangi na walang sinuman ang diyos na sinasamba o may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa Kanya, at sa Kanya lamang ipinauubaya ng mga mananampalataya ang kanilang mga sarili sa lahat ng larangan ng kanilang pamumuhay dahil sa kanilang paniniwala sa Kanyang Kaisahan.

14. O kayong mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo! Katotohanan, mayroon sa inyong mga asawa at sa inyong mga anak ang kalaban ninyo, na pinipigilan kayo

mula sa Daan ng Allâh at hinaharangan kayo sa pagsunod sa Kanya, na kung kaya, maging maingat kayo sa kanila at huwag ninyo silang sundin, subali't kapag pinalampas ninyo ang kanilang kamalian at pinabayaan na ninyo sila, at pinatawad na ninyo sila, samakatuwid walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad, na '***Raheem***' – Ganap na Mapagmahal at Napakamaawain, na pinatatawad sa inyo ang inyong mga kasalanan; dahil Siya ay Napakadakila sa Kanyang Kapatawaran at malawak ang Kanyang Habag.

15. Ang inyong mga yaman at ang inyong mga anak ay walang iba kundi mga pagsubok lamang sa inyo, samantalang nasa Allâh (ﷻ) ang dakilang gantimpala sa sinumang pinili niya ang pagsunod sa Kanya kaysa sa pagsunod sa iba, at tinupad niya ang karapatan ng Allâh (ﷻ) sa kanyang kayamanan.

16. Na kung kaya, lubusin ninyo, O kayong mga mananampalataya, ang inyong kakayahan sa pagkatakot sa Allâh (ﷻ) sa lahat ng pagkakataon, at makinig kayo sa Sugo ng Allâh ng tunay na pakikinig at lubos na pag-uunawa, at sundin ninyo ang Kanyang ipinag-uutos at iwasan ninyo ang Kanyang ipinagbabawal, at gumasta kayo mula sa ipinagkaloob sa inyo ng Allâh (ﷻ) na kabuhayan; ito ang makabubuti para sa inyo. At sinuman ang ligtas sa kanyang pagiging maramot at mula sa pagpigil sa pagbibigay ng kawanggawa mula sa kanyang kayamanan, ay sila ang tunay na magkakamit ng tagumpay at magkakamit ng karangalan na kanilang minimithi.

17. Kung gagastahin ninyo ang inyong kayamanan sa Daan ng Allâh na taimtim na bukal sa kalooban, ay dodoblehin ng Allâh (ﷻ) ang gantimpala sa inyong ginasta, at patatawarin Niya sa inyo ang inyong mga kasalanan. At walang pag-aalinlangan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Shakûr***' – Ganap na Tagapagtangkilik sa sinumang gumasta ng yaman sa pamamagitan ng Kanyang pagkakaloob ng masaganang gantimpala mula sa kanilang ginasta, na Siya ang '***Haleem***' – Ganap na Napakalawak ng Pagpapasensiya at Pang-unawa na hindi Niya kaagad pinaparusahan ang sinumang lumabag sa Kanya.

18. At Siya ang ''***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa lahat ng bagay na di-nakikita at nakikita, na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na hindi nadaraig, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang mga salita at mga gawa.

سورة الطلاق 65

LXV – Sûrat At-Talâq

[**Kabanata At-Talâq** – Ang Paghihiwalay (o Diborsiyo)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. O Propeta, kung nais ninyo – ikaw at ang mga mananampalataya – na hiwalayan ang inyong mga asawa ay hiwalayan ninyo sila sa kanilang mga ‘*`Iddah*’ – na ang ibig sabihin ay malinis na wala sa kalagayan ng buwanang-dalaw (o regla) at walang nangyaring pakikipagtalik – at pangalagaan ninyo ang ‘*`Iddah*;’ upang malaman ninyo ang eksaktong panahon ng inyong pakikipagbalikan kung nais ninyong makipagbalikan sa kanila, at katakutan ninyo ang Allâh (ﷻ) na inyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha.

At huwag ninyong palabasin ang mga hiniwalayan na mga asawa sa kanilang mga tahanan na kung saan sila ay naninirahan hanggang sa matapos ang ‘*`Iddah*,’ at ito ay tatlong magkakasunod na pagdating ng buwanang-dalaw – maliban sa hindi pa nagkakaroon ng buwanang-dalaw dahil sa pagiging kabataan pa niya at ang hindi na talagang dinaratnan ng buwanang-dalaw at ang nasa kalagayan ng pagdadalang-tao, at hindi sila maaaring paalisin o umalis sa kanilang mga kinaroroonan na tahanan maliban na lamang sa mga yaong nakagawa ng malinaw na kasalanan na tulad ng pakikiapid.

At ito ay mga alituntunin na batas na itinala ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga alipin. At sinuman ang lalabag sa mga batas na ito ay katiyakang hinamak niya ang kanyang

sarili at inilagay niya sa kapahamakan. Hindi mo alam, O ikaw na nakipaghiwalay, na ang Allâh (ﷻ) ay maaaring magpalitaw ng pangyayari pagkatapos ng paghihiwalay na magiging sanhi ng pakikipagbalikan mo sa kanya.

2-3. At kapag malapit nang matapos ang itinakdang '*`Iddah*,' alin sa dalawa, maaari kayong makipagbalikan sa kanila sa napakahusay na kaparaanan at pagtutustos sa kanilang pangangailangan o di kaya ay makipaghiwalay kayo sa kanila kalakip ang pagbibigay ng kabuuan ng lahat ng kanyang karapatan at hindi pagpapahamak sa kanila. At magpatestigo kayo sa inyong pagbabalikan o sa inyong paghihiwalay ng dalawang matutuwid mula sa inyong mga kalalakihan. At isagawa ninyo, O kayong mga testigo ang taos-puso na taimtim na pagtestigo na walang anumang ibang kadahilanan. Ito ang ipinag-utos sa inyo bilang pagpapayo sa sinumang naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kabilang-Buhay, at sinuman ang may takot sa Allâh (ﷻ) na ginagawa niya ang anumang ipinag-utos sa kanya at iniiwasan niya ang anumang ipinagbawal ay ipagkakaloob sa kanya ng Allâh (ﷻ) ang solusyon upang siya ay makalabas sa lahat ng kagipitan, at ipagkakaloob sa kanya ang mga kaparaanan ng kabuhayan na hindi kailanman sumagi sa kanyang kaisipan at hindi niya ito kailanman inaasahan na magaganap. At sinuman ang ipinauubaya niya ang kanyang sarili sa Allâh (ﷻ) ay sapat na ang Allâh (ﷻ) sa kanya sa anuman na kanyang suliranin sa lahat ng larangan ng kanyang buhay. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ay ganap na ganap ang Kanyang Kautusan, na walang makalalampas sa Kanyang kaalaman, na nagaganap ang anuman na Kanyang nais. Katotohanan, nagtakda ang Allâh (ﷻ) sa lahat ng bagay ng katapusan at limitasyon (dito sa daigdig), at pagtatakda na hindi kailanman makalalampas dito ang anuman.

4. Ang mga kababaihan na hiniwalayan na hindi na sila dinaratnan ng buwanang-dalaw (o regla) dahil sa kanilang katandaan, at nagdadalawang-isip kayo kung ano ang nararapat sa kanila, ang kanilang '*`Iddah*' ay tatlong buwan; at ang mga yaong nasa edad pang kabataan na mga kababaihan na hindi pa dinaratnan ng buwanang-dalaw ay tatlong buwan din ang itinakdang '*`Iddah*' para sa kanila. At para naman sa mga kababaihan na nasa kalagayan ng pagdadalang-tao, ang kanilang '*`Iddah*' ay ang pagkatapos na ng pagluluwal sa kanilang sanggol; at sinumang natatakot sa Allâh (ﷻ) na ipinatutupad niya ang Kanyang batas ay gagawin ng Allâh (ﷻ) na madali para sa kanya ang anumang nais niyang bagay, dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

5. Itong nabanggit hinggil sa paghihiwalay at sa '*`Iddah*' ay kautusan mula sa Allâh (ﷻ) na ipinahayag sa inyo, O kayong mga tao; nang sa gayon ay ipatupad ninyo ito sa inyong mga sarili. At sinuman ang natatakot sa Allâh (ﷻ) na iniwasan niya ang Kanyang ipinagbabawal at sinunod niya ang Kanyang ipinag-uutos ay buburahin sa kanya ng Allâh (ﷻ) ang kanyang mga kasalanan, ipagkakaloob sa kanya ang masaganang buhay sa Kabilang-Buhay at papapasukin siya sa '*Al-Jannah*' o Hardin.



6. Patirahin ninyo ang inyong mga hiniwalayan na asawa sa panahon ng kanilang ‘`*Iddah*’ sa mga tirahan na katulad ng inyong tinitirhan ayon sa inyong kakayahan, at huwag ninyo silang pahirapan na mamamaltrato (o maaapi) sila sa pamamagitan ng di pagpapatira sa kanila sa karapat-dapat nilang pagtirhan na maaaring maging dahilan ng kanilang pag-alis. At kapag ang inyong hiniwalayan na mga asawa ay nasa mga kalagayan ng pagdadalang-tao ay tustusan ninyo sila sa kanilang pangangailangan sa panahon ng kanilang ‘`*Iddah*’ hanggang sila ay makapanganak. At pagkatapos, kung sila ang magpapasuso sa inyong mga anak na gagastusan ninyo sila ay ibigay ninyo sa kanila ang karapatan na kabayaran para sa kanila, at hayaan ng isa’t isa sa inyo na makitungo nang mabuti at taos-puso. Subali’t kapag hindi kayo gagasta sa pagpapasuso ng ina ay tungkulin ng ama na hanapan ng ibang tagapagpasuso ang sanggol.

7. At hayaan ng asawang lalaki na gumasta batay sa kanyang kakayahan mula sa anumang ipinagkaloob sa kanya ng Allâh (ﷻ) sa kanyang asawa na hiniwalayan niya at sa kanyang anak na inaalagaan nito kung ang asawang lalaki ay maluwag sa kanyang pamumuhay. At kung siya naman ay mahirap sa kanyang pamumuhay ay hayaang gumasta lamang siya ayon sa kung ano ang ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanya na kabuhayan. At hindi inuutusan ang mahirap sa paggasta ng katulad ng Kanyang ipinag-utos sa mayaman, at walang pag-aalinlangang ipagkakaloob ng Allâh (ﷻ) ang kaluwagan at yaman pagkatapos ng kahirapan.

8-9. At maraming bayan ang naghimagsik laban sa kautusan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang Sugo at tuwiran ang kanilang ginawa na paglabag at di-paniniwala; na kung kaya, pinagbayad Namin sila nang matinding pagbabayad dito sa daigdig dahil sa kanilang ginawa at pinarusahan Namin sila ng kagimbal-gimbal na parusa, na kung kaya, naganap sa kanila ang pinakamasamang bunga ng kanilang di-paniniwala, at

ang pinakabunga ng kanilang di-paniniwala ay pagkawasak at pagkatalo na wala nang hihigit pa kaysa rito na pagkatalo.

10-11. Inihanda ng Allâh (ﷻ) sa kanila na mga lumabag at hindi sumunod sa Kanyang kautusan at sa Kanyang Sugo ang pinakamasidhing kaparusahan, na kung kaya, matakot kayo sa Allâh (ﷻ) at mag-ingat kayo sa Kanyang galit, O kayong mga pinagkalooban ng talino na nanampalataya sa Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang Sugo.

Katiyakan, ipinahayag ng Allâh (ﷻ) sa inyo, O kayong mga mananampalataya, ang paalaala na nagpapaalaala sa inyo at ipinababatid sa inyo ang inyong bahagi mula sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at pagsunod sa Kanyang kagustuhan. At itong pagpapaalaala ay ang Sugo na bibigkasin (o ihahayag) sa inyo ang mga talata ng Allâh na lilinawin sa inyo ang katotohanan mula sa kamalian; upang alisin ang mga naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at nagsagawa ng ipinag-utos sa kanila ng Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanya, mula sa mga kadiliman ng di-paniniwala tungo sa Liwanag ng Paniniwala. At ang sinumang naniwala sa Allâh (ﷻ) at gumawa ng kabutihan ay papapasukin sa mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno nito, na sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, katiyakan, ginawa ng Allâh (ﷻ) na mabuti sa mananampalatayang gumawa ng kabutihan ang kanyang kabuhayan sa '*Al-Jannah*' (o Hardin).

12. Ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi ang Siyang lumikha ng mga pitong kalangitan at lumikha ng magkakapatong na pitong kalupaan, at nagbaba ng Kanyang kautusan mula sa anumang Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga Sugo at sa Kanyang Pangangasiwa sa Kanyang nilikha sa pagitan ng mga kalangitan at kalupaan; upang mabatid ninyo, O kayong mga tao, na ang Allâh (ﷻ) ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay na walang anumang makahihigit sa Kanya, at katiyakang saklaw ng kaalaman ng Allâh (ﷻ) ang lahat ng bagay na walang anuman ang maaaring makalabas (o maihiwalay) sa Kanyang kaalaman at kapangyarihan.

سورة التحريم 66

LXVI – Sûrat At-Tahrîm

[**Kabanata At-Tahrîm** – Ang Pagbabawal o Pagpipigil]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. O Propeta, bakit mo ipinagbabawal sa iyong sarili ang bagay na ipinahintulot ng Allâh (ﷻ) sa iyo, na naghahangad ka na palugurin ang inyong mga asawa sa pamamagitan ng pagkakait mo sa iyong sarili ng bagay na ipinahintulot sa iyo? At ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad, na '***Raheem***' – Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa iyo.

2. Katiyakan, itinala ng Allâh (ﷻ) na batas sa inyo, O kayong mga mananampalataya, ang kalutasan bilang panghalili sa inyong ginawang panunumpa, na ito ay: pagpapakain ng sampung mahihirap, o di kaya ay pagdaramit sa kanila, o di kaya ay pagpapalaya ng isang alipin na babae, at sinuman ang hindi makagagawa ng mga nabanggit ay mag-ayuno siya ng tatlong araw. At ang Allâh (ﷻ) ang Tagapangalaga sa inyo, at Siya ay '***Al-`Aleem***' – ang Ganap na Nakababatid sa anumang ikabubuti ninyo kaya ito ay ipinag-utos sa inyo, na '***Al-Hakeem***' – ang Ganap na Maalam sa Kanyang mga salita at mga gawa.

3. At noong nagsabi ng lihim ang Propeta sa kanyang asawa na si Hafsah (ﷺ), at nang ikinuwento niya ito kay A`ishah (ﷺ), ay ipinabatid ng Allâh (ﷻ) sa kanya ang pagbunyag na ginawa ni Hafsah sa kanyang lihim, na kung kaya, ipinaalam niya kay

Hafsah ang ilan sa ibinunyag nito at hindi na niya sinabi ang iba pa bilang paggalang kay Hafsah (ﷺ), at nang sinabi niya sa kanya ang ilan sa ibinunyag niyang lihim, kanyang sinabi: "*Sino ang nagsabi nito sa iyo?*" Kanyang sinabi: "*Ang nagsabi nito sa akin ay ang Allâh* (ﷻ) *na* '***Al-`Aleem***' *– ang Ganap na Nakaaalam*, *na* '***Al-Khabeer***' *– ang Pinakadalubhasa na Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya nang ganap ang lahat na walang anuman ang naililihim sa Kanya.*"

4. At kung magbabalik-loob kayong dalawa sa Allâh (ﷻ), dahil katotohanang ang isa sa inyo ay nararapat na humingi ng kapatawaran sa Allâh (ﷻ) dahil sa kanyang pagkagusto sa anumang bagay na di-naiibigan ng Sugo ng Allâh (ﷺ) na ito ay ang pagbunyag ng kanyang lihim, at kapag kayo ay nagtulungan sa ikasasama niya (Sugo ng Allâh), katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang kanyang Tagapangalaga at Tagapagtulong, at si Jibril (عليه السلام), at ang mga mababuti sa mga mananampalataya; at pagkatapos ng pangangalaga at pagtulong ng Allâh (ﷻ) ay ang mga anghel ang kanyang mga kakampi na tumutulong sa sinumang kumakalaban sa kanya.

5. Maaaring ang '*Rabb*' na Tagapaglikha ni Muhammad (ﷺ), O kayo na kanyang mga asawa, kung hiniwalayan niya kayo ay pagkakalooban siya bilang kapalit ninyo ng mga asawa na magpapasailalim sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ), na naniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo, na sumusunod sa Allâh (ﷻ), at nagbabalik-loob, at nagsisitungo sa anumang kalugud-lugod sa Allâh (ﷻ) bilang pagsunod sa Kanya, mga palagian sa kanilang pagsamba sa Kanya, na mga nag-aayuno, at mayroon sa kanila ang dating nakapag-asawa at mga dalaga.

6. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo, pangalagaan ninyo ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ipinag-uutos ng Allâh (ﷻ) at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal sa inyo, at pangalagaan ninyo ang inyong pamilya na tulad ng pangangalaga ninyo sa inyong mga sarili mula sa Impiyernong-Apoy na ang panggatong ay mga tao at bato, na ang mga nagpapatupad roon na nasa Impiyerno ay mahihigpit na mga anghel at masisidhi sa kanilang pagpapatupad, at hindi nila nilalabag ang anumang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa kanila, at ipinatutupad nila ang anumang ipinag-utos sa kanila.

7. At sasabihin sa mga di-naniwala sa Kaisahan ng Allâh at tumanggi sa Kanya habang sila ay ipinapasok sa Impiyerno: "*Huwag na kayong mangatwiran ngayon*; *dahil pinagbabayad lamang kayo sa anuman na inyong ginawa sa daigdig*."



8. O kayong mga naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo! Magbalik-loob kayo tungo sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pag-iwas nang taimtim sa anumang pagkakasala na inyong nagawa, na ang layunin ay hindi na ninyo babalikan pa ang pagkakasalang yaon; upang ang Allâh (ﷻ) na inyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay buburahin sa inyo ang anuman na inyong nagawang mga kasalanan, at papapasukin kayo sa mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga palasyo nito sa Araw na hindi ipapahiya ng Allâh (ﷻ) ang Propeta at ang mga yaong naniwala sa Allâh na kasama niya, at sila ay hindi paparusahan bagkus ay itataas ang kanilang mga antas. Ang kanilang liwanag ay pumaparoon sa kanilang harapan at sa kanilang gawing kanan, na kanilang sinasabi: "*O Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Gawin Mong ganap sa amin ang aming liwanag hanggang kami ay makalampas sa* '*Sirât*,' *at gabayan kami tungo sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*), *at pagkalooban Mo kami ng kapatawaran*. *Katiyakan*, *Ikaw ang* '***Qadeer***' *– Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay*."

9. O Propeta! Makipaglaban ka sa mga yaong walang pananampalataya (na kalaban ng Allâh) at lantaran ang kanilang pagtanggi at pakikipaglaban, at makipaglaban ka sa kanila nang patayan, at makipaglaban sa mga mapagkunwari na inilihim nila ang kanilang di-paniniwala habang ginagawa nila sa panlabas ang alituntunin ng Islâm, at maging mabalasik ka at matapang sa pakikipaglaban sa kanila, at ang kanilang patutunguhan sa Kabilang-Buhay ay Impiyernong-Apoy na napakasamang patutunguhan.

10. Nagbigay ang Allâh (ﷻ) ng halimbawa hinggil sa kalagayan nila na mga walang pananampalataya – sa kanilang pakikisalamuha sa mga Muslim at pakikipag-ugnayan sa kanila, at ito ay hindi makapagbibigay ng anumang pakinabang sa kanila dahil sa hindi nila paniniwala sa Allâh (ﷻ) – na katulad ng kalagayan ng asawa ng Propeta ng

Allâh na si Nûh at asawa ng Propeta ng Allâh na si Lût: dahil sa ang dalawang kababaihan na ito ay nasa ilalim ng pagiging asawa ng dalawa sa Aming mga alipin na mga mababuti, subali't pareho nilang ipinagkanulo sila (Propeta Nûh at Propeta Lût) sa '*Deen*' ng Allâh, dahil katotohanang sila ay hindi naniwala sa Allâh, na kung kaya, wala silang anumang magagawa at hindi sila maipagtatanggol ng dalawang Sugo ng Allâh na ito, upang iligtas sila sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ), at sasabihin sa dalawang kababaihan na asawa nila: "*Pumasok kayo sa Impiyerno*, *kasama ng mga yaong pumapasok*." Dito sa halimbawang ito ang katibayan na ang pagiging malapit sa mga Propeta at pagiging mababuti ay hindi kailanman magiging kapaki-pakinabang sa mga gumagawa ng kasamaan at tumanggi sa katotohanan.

11. At nagbigay (din) ng halimbawa ang Allâh (ﷻ) hinggil sa katayuan ng mga mananampalataya na sila ay naniwala sa Allâh at sumamba sa Kanyang Kaisahan at sumunod sa Kanyang batas, na katotohanang hindi magiging kapahamakan sa kanila ang kanilang ugnayan sa mga walang pananampalataya na tulad ng asawa ni Fir`âwn na siya ay nasa ilalim ng pagiging asawa ng pinakamatindi na tumanggi sa paniniwala sa Allâh, at siya naman ay naniwala sa Allâh noong kanyang sinabi: "*O Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Itayo Mo ako ng tahanan mula sa Iyo sa* '*Al-Jannah*' (*Hardin*), *at iligtas Mo ako mula sa pangunguntrol ni Fir`âwn at mula sa anuman na kanyang masamang ginagawa*, *at iligtas Mo ako mula sa mga sumunod sa kanya sa kanilang pagiging masama at pagkaligaw*, *at mula sa Iyong kaparusahan*."

12. At nagbigay pa rin ang Allâh (ﷻ) ng halimbawa hinggil sa mga yaong naniwala na tulad ni Maryam (Maria) na anak na babae ni `Imrân na pinangalagaan ng Allâh (ﷻ) ang kanyang kapurihan, at inilayo Niya sa mga kahalayan at pakikiapid, at inutusan ng Allâh (ﷻ) si Anghel Jibril na ihinga ang '*Rûh*' (o Ispiritu) sa bukas na damit na nasa gawing bahagi ng kanyang dibdib, at nakarating ang pag-ihip na ito sa kanyang sinapupunan at ipinagdalang-tao niya si `Îsã (Hesus عليه السلام), at pinaniwalaan niya ang mga kautusan ng Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at sinunod niya ang mga batas na Kanyang itinala sa Kanyang mga alipin, at ang Kanyang mga Aklat na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga Sugo, at siya ay kabilang sa mga sumusunod sa Kanya.

سورة المـــلك 67

LXVII – Sûrat Al-Mulk

[**Kabanata Al-Mulk** – Ang Kaharian]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. Kataas-taasan sa Allâh at Kadakilaan sa Kanya na Siya ay malayo, ang Kanyang Sarili, ang Kanyang mga Katangian at Gawain, sa anumang di-kaganapan; at napakasagana ng Kanyang Kabutihan at pagiging mabuti sa lahat ng nilikha, na nasa ilalim ng Kanyang kamay ang pagiging Tagapagmay-ari sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at sa pangunguntrol sa dalawang ito, na nangyayari ang anuman na Kanyang ipinag-utos at pinagpasiyahan, at Siya ang '***Qadeer***' – Ganap na Makapangyarihan sa lahat ng bagay. Naiintindihan sa talatang ito bilang karagdagang patunay na ang Allâh (ﷻ) ay nagtataglay ng katangian na pagiging mayroon ng Kamay na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan.

2. Na Siya ang lumikha ng kamatayan at buhay; upang subukin kayo, O kayong mga tao, kung sino sa inyo ang gagawa ng kabutihan at magiging taos-puso sa kanyang gawain? At Siya ay '***Al-Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan na walang anumang nais Niya ang hindi mangyayari, na '***Al-Ghafour***' – ang Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisisi mula sa Kanyang mga alipin. Nasa talatang ito ang paghihikayat sa paggawa ng mga kabutihan at pagbabawal sa paggawa ng mga kasalanan.

3. Na Siya ang lumikha ng mga pitong kalangitan na magkakaparehas sa kaparaanan ng paglikha na magkakapatung-patong sa isa't isa, at wala kang makikita sa nilikha ng Allâh (ﷻ) na '*Ar-Rahmân*' – O ikaw na tumitingin – na anumang pagkakaiba at pagkakamali. Na kung kaya, muli mong tingnan ang kalangitan: "*Mayroon ka bang nakikita na anumang pagkakabiyak o pagkakabutas-butas nito?*"

4. At pagkatapos ay tumingin kang muli nang paulit-ulit at muli, babalik ang iyong paningin na abang-aba dahil sa pagkabigo na makakita ng anumang kakulangan at dahil (din) sa kapaguran.

5. At katiyakan, pinalamutian Namin ang malapit na kalangitan na nakikita ng mga mata ang mga dakilang maliliwanag na mga bituin, at ginawa Namin ang mga ito na nakasusunog na parang mga misayl ('*missile*') sa sinumang aakyat mula sa mga '*Shaytân*' para sa pakikinig nang panakaw, at inihanda Namin para sa kanila sa Kabilang-Buhay ang parusa sa Impiyerno na naglalagablab na apoy na napakasidhi na masusunog sila sa tindi ng init nito.

6. At para sa mga hindi naniwala sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha (Allâh ﷻ) ay napakasidhing parusa sa kanila sa Impiyernong-Apoy, at katotohanang napakasama na kanilang patutunguhan na Impiyerno.

7. Kapag inihagis ang mga walang pananampalataya sa Impiyernong-Apoy ay makaririnig sila ng kagimbal-gimbal na ingay ng pagkulo ng Impiyerno.

8. Na halos sumabog ang Impiyerno dahil sa tindi ng galit nito sa mga walang pananampalataya. Sa tuwing ihahagis dito ang grupo ng mga tao ay tatanungin sila ng mga tagapangasiwa ng Impiyernong ito bilang pag-aalipusta: "*Hindi ba dumating sa inyo sa daigdig ang Sugo upang balaan kayo hinggil sa parusa na kinaroroonan ninyo sa ngayon?*"

9. Tutugon sila na kanilang sasabihin: "*Oo*, *katiyakang dumating sa amin ang Sugo na mula sa Allâh at binalaan kami*, *subali't hindi namin pinaniwalaan*, *at sinabi namin sa kanyang dala-dalang mga talata na kapahayagan*: '*Hindi nagpahayag ang Allâh* (ﷻ) *ng anuman sa kahit kaninumang tao*, *na kung kaya*, *kayong mga Sugo ay walang iba kundi malayung-malayo sa katotohanan bilang pagkaligaw*.'"

10. At kanilang sasabihin bilang pag-amin: "*Kung nakinig lamang kami bilang pakikinig na naghahanap ng katotohanan*, *o di kaya ay pinag-isipan namin ang anumang paghikayat na ginawa sa amin*, *ay hindi kami magiging kabilang sa mga tao ng Naglalagablab na Impiyerno.*"

11. Kaya ganoon nila inamin ang kanilang pagtanggi at di-paniniwala na siyang naging sanhi ng pagkabulid nila sa kaparusahan sa Impiyernong-Apoy. Samakatuwid, malayung-malayo ang mga taga-Impiyerno mula sa Awa ng Allâh.

12. Katiyakan, ang mga yaong natatakot sa Allâh na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at Siya ay sinasamba nila, at hindi nila nilalabag ang kagustuhan ng Allâh (ﷻ) habang sila ay malayo sa paningin ng tao, at kinatatakutan nila ang parusa sa Kabilang-Buhay gayong hindi pa nila ito nakikita, ang para sa kanila ay kapatawaran mula sa Allâh sa kanilang mga kasalanan at dakilang gantimpala na ito ay '*Al-Jannah*.'



13. Ilihim man ninyo ang inyong sinasabi, O kayong mga di-naniniwala sa '*Deen*' ng Allâh at sa Kanyang Sugo o di kaya ay ilantad ninyo ito, ay pareho lamang ito sa Allâh (ﷻ), dahil katiyakan, Siya ang ``***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa mga kinikimkim ng mga dibdib, na kung kaya, paano pa kaya maililihim sa Kanya ang inyong mga sinasabi at ginagawa.

14. Hindi ba batid ng Allâh (ﷻ) na Siyang Lumikha ng lahat ang Kanyang mga nilikha at ang anuman na hinggil sa kanilang katayuan? At Siya ay '***Al-Lateef***' – ang Kapita-pitagan at Napakabait sa Kanyang mga alipin, na '***Al-Khabeer***' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Tagapagmasid at Nakababatid nang ganap sa kanila at sa kanilang mga ginagawa.

15. Ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi ang Siyang lumikha sa inyo ng kalupaan na palatag upang maging madali para sa inyo ang pananatili rito, na kung kaya, maglakbay kayo sa mga lugar nito at sa iba't ibang sulok nito, at mamuhay kayo mula sa kabuhayan na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa inyo, na mula rito ay Kanyang pinalitaw para sa inyo; at sa Kanya lamang na Bukod-Tangi kayo patutungo mula sa libingan sa Pagkabuhay na Mag-uli para sa pagbabayad at pagtutumbas.

At nasa talatang ito ang pagpapahiwatig tungo sa paghingi ng kabuhayan, at pagiging katibayan sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at Kanyang Kapangyarihan, at pagpapaalaala sa Kanyang mga biyaya, at babala mula sa pagtutuon lamang ng mga sarili sa makamundong bagay.

16-17. Kayo ba na mga hindi naniwala na taga-Makkah ay nakatitiyak na ligtas kayo sa Allâh (ﷻ) na nasa ibabaw ng kalangitan (sa itaas ng lahat ng Kanyang mga nilikha), na hindi Niya sasanhiin na lamunin kayo ng kalupaan kapag ito ay yumanig hanggang sa mamatay kayo? Nakatitiyak ba kayo sa Allâh (ﷻ) na nasa ibabaw ng kalangitan (sa itaas ng lahat ng Kanyang mga nilikha) na hindi Niya sasanhiin na magpadala sa inyo ng malakas na hangin na dala-dala nito ang mga maliliit na bato

upang ipatama sa inyo? Walang pag-aalinlangan, mababatid ninyo, O kayong mga walang pananampalataya, kung gaano katotoo ang Aking babala sa inyo kapag nangyari na ang parusa sa inyo. At wala na kayong pakinabang pa sa anumang kaalaman na inyong tinaglay pagdating nito. Nasa talatang ito ang patunay sa pagiging Kataas-taasan ng Allâh (ﷻ) na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan.

18. At katiyakan, tumanggi sa paniniwala ang mga yaong nauna kaysa sa kanila na mga taga-Makkah na walang pananampalataya, sa mga Sugo na ipinadala sa kanila na tulad ng sambayanan ni Nûh, ni `Âd at ni Thamoud, na kung kaya, gaano kasidhi ang Aking pagtanggi sa kanila at pagpalit Ko sa anumang biyaya na nasa kanila ng parusa na ibinaba sa kanila at nagpuksa sa kanila?

19-21. Nakalimutan ba nila na mga walang pananampalataya, at hindi ba nila napagmasdan ang mga ibon sa itaas nila, na nakadipa ang kanilang mga pakpak habang ang mga ito ay lumilipad sa himpapawid, at minsan ay tinitiklop nito ang kanilang mga pakpak? Na walang sinumang nag-aalaga sa mga ito upang ito ay hindi bumagsak bukod sa Allâh (ﷻ) na '*Ar-Rahmân*.' Katiyakan, Siya ang '***Baseer***' – Ganap na Tagapagmasid ng lahat ng bagay na walang anumang makikita na kakulangan at pagkakasalungatan sa Kanyang mga nilikha.

Na kung kaya, sino pa ba ang inaangkin ninyo, O kayong mga walang pananampalataya, na kakampi ninyo na tutulong sa inyo bukod sa Kanya na '*Ar-Rahmân*,' kung nais Niya ang kapinsalaan sa inyo? Kaya, ang mga walang pananampalataya sa gayong pag-aangkin ay nasa kahibangan na nalinlang lamang sila at nailigaw ni '*Shaytân.*'

O sino ba ang maaaring makapagkaloob ng kabuhayan mula sa inyong inaangkin na nagbibigay (daw) sa inyo ng kabuhayan kapag itinigil ng Allâh (ﷻ) sa inyo ang Kanyang kabuhayan na ipinagkakaloob sa inyo? Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan, kundi walang pag-aalinlangan, patuloy ang mga walang pananampalataya sa kanilang paglabag at pagkaligaw bilang pagmamatigas at pagmamataas at paglayo sa katotohanan, na hindi nila ito (katotohanan) pinakikinggan at sinusunod.

22. Siya ba na naglalakad na nakatungo na hindi tumitingin sa kanyang nilalakaran at hindi niya alam kung saan siya dadaan at kung paano siya tutungo ay mas napatnubayan sa matuwid na daan, o siya na naglalakad nang matuwid na nasa Matuwid na Landas na malinaw na walang anumang kamalian? At ito ang halimbawa na ibinigay ng Allâh (ﷻ) hinggil sa mananampalataya at walang pananampalataya.

23-24. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang Allâh* (ﷻ) *ang Siyang lumikha sa inyo mula sa wala*, *at iginawa Niya kayo ng pandinig upang kayo ay makarinig*, *at*

mga paningin upang kayo ay makakita, *at mga puso upang kayo ay makaintindi*, *subali't kakaunti lamang sa inyo*, *O kayong mga walang pananampalataya*, *ang tumatanaw ng utang na loob sa mga biyayang ito*, *sa Allâh* (ﷻ) *na inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na Siyang nagkaloob sa inyo ng mga biyayang ito*."

Sabihin mo sa kanila: "*Ang Allâh* (ﷻ) *ang Siyang lumikha sa inyo at nagpakalat sa inyo sa kalupaan*, *at sa Kanya na Bukod-Tangi kayo titipunin pagkatapos ng inyong pagkakahiwa-hiwalay para sa pagbabayad at pagtutumbas*."

25-26. At sinasabi ng mga walang pananampalataya: "*Kailan pa ba mangyayari ang ipinangako mong pagtitipun-tipon*, *O Muhammad? Sabihin ninyo sa amin kung kailan ito*, *O kayong mga mananampalataya*, *kung kayo ay totoo sa inyong mga inaangkin*."

Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Katiyakan*, *ang kaalaman hinggil sa Oras ng Pagkagunaw ng daigdig ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh* (ﷻ), *at walang pag-aalinlangang ako ay tagapagbabala lamang sa inyo upang balaan kayo sa parusa ng inyong pagtanggi sa paniniwala*, *at linawin sa inyo ng ganap na paglilinaw kung ano ang ipinag-utos sa akin ng Allâh* (ﷻ)."

27. At nang makita na ng mga walang pananampalataya ang parusa ng Allâh (ﷻ) na nasa kanila nang harapan ay lumitaw ang pagkaaba at pagkahamak sa kanilang mga mukha, at sasabihin sa kanila bilang pag-aalipusta: "*Ito na ang inyong ipinamamadaling kahilingan sa daigdig noon*."



28. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa mga walang pananampalataya: "*Sabihin nga ninyo sa akin! Kapag sinanhi ng Allâh* (ﷻ) *na ako ay mamatay at yaong mga kasama ko na mga mananampalataya na tulad ng inyong hinahangad o di kaya ay kinawaan Niya kami at inantala ang aming kamatayan, at iniligtas Niya kami mula sa Kanyang parusa – sino pa kaya ang magliligtas sa inyo at maglalayo sa inyo mula sa masidhing kaparusahan?*"

29. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Ang Allâh* (ﷻ) *na Pinakamahabagin na aming pinaniwalaan at sinunod, at sa Kanya lamang na Bukod-Tangi namin ipinauubaya ang aming mga sarili, at walang pag-aalinlangan, mababatid ninyo, O kayong mga walang pananampalataya, kapag dumating na sa inyo ang parusa: kung sino sa dalawang panig, kami ba o kayo, ang nasa malayung-malayo sa katotohanan*."

30. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga walang pananampalataya: "*Sabihin nga ninyo sa akin! Kapag ang lahat ng inyong tubig ay hinigop ng kalupaan at wala na kayong matatagpuan na anupaman, sino pa ba bukod sa Allâh* (ﷻ) *ang makapagbibigay sa inyo ng tubig na umaagos sa kalupaan na malinaw na nakikita ng inyong mga paningin?*"

سورة القـــلم 68

LXVIII – Sûrat Al-Qalam

[**Kabanata Al-Qalam** – Ang Panulat]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-4. *Nũn*. Ang katulad nitong titik ng '*Arabic*' ay nauna nang naipaliwanag sa '*Sûratul Baqarah*.' Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng '*Qalam*' na ipinanunulat ito ng mga anghel at mga tao, at ang anuman na kanilang isinusulat na kabutihan, kapakinabangan at mga kaalaman. Ikaw, kailanman, O Muhammad (ﷺ), sa pamamagitan ng Biyaya ng Allâh sa pagiging Propeta mo at pagiging Sugo ay hindi mahina ang iyong kaisipan at hindi ka nasisiraan ng bait. At katiyakan, para sa iyo, sa anumang natatagpuan mo na mga paghihirap dahil sa iyong pagpaparating ng mensahe, ang dakilang gantimpala na walang kabawasan at walang katapusan. At katiyakang ikaw, O Muhammad (ﷺ), ay nasa pinakadakilang pag-uugali, na ito ay ang anumang nasa loob ng Qur'ân na mga mabubuting pag-uugali.

Dahil walang pag-aalinlangan, ang ipinag-utos sa Dakilang Qur'ân ay ito mismo ang pag-uugali niya na ginagawa niya ang anumang ipinag-uutos (sa Kasulatang ito) at iniiwasan niya ang anumang ipinagbabawal.

5-6. Malapit na malapit mo nang makita at maging nila, O Muhammad (ﷺ), kung sino sa inyo ang nasapian ng kasamaan at nasiraan ng bait.

7. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ang Siyang Ganap na Nakababatid kung sino man ang masama na ligaw mula sa '*Deen*' ng Allâh at sa Daan ng Patnubay, at Siya ang Ganap na Nakaaalam ng may takot na pinatnubayan tungo sa katotohanan.

8. Kaya, magpakatatag ka sa iyong kinaroroonan, O Muhammad (ﷺ), sa pagsalungat sa mga tumatanggi at hindi naniwala, na sila ay huwag mong sundin.

9. Inasam nila at ninais na sana ay makiayon (o makipag-'*compromise*') ka sa kanila, sumunod ka sa ilan sa mga nais nila, upang sila ay makiayon (o makipag-'*compromise*') din sa iyo.

10-15. Huwag mong sundin, O Muhammad (ﷺ), siya na palaging sumusumpa na sinungaling na hamak, na sinisiraan niya ang mga tao, at nagkakalat siya ng mga balita upang siraan niya ang mga pagitan ng mga tao, na maramot sa mga kayamanan, tagapagharang ng katotohanan, matindi ang kanyang pagpigil sa kabutihan, na lumalabag sa hangganang itinakda sa pamamagitan ng pagiging masama sa mga tao, at pagsagawa ng mga ipinagbabawal na maraming kasalanan, matindi ang kanyang pagtanggi sa Allâh (ﷻ) at sukdulan ang kanyang pagiging masama na nais niya

palaging makalamang, at anak sa pagkakasala; dahil sa siya ay maraming yaman at mga anak.

Kapag binigkas sa kanya ang isa sa mga talata ng Dakilang Qur'ân ay tinatanggihan niya ito, at kanyang sinabi: "*Ito ay kathang-isip at mga haka-haka na alamat ng mga naunang tao*." Ito ang masidhing babala sa sinumang Muslim na sasang-ayon sa ganitong pag-uugali.



16. Katiyakan, magtatatak Kami ng tanda sa kanyang ilong na mananatili ito na hindi na mawawala pa sa kanya; upang sa pamamagitan nito ay mapahiya siya sa harapan ng mga tao.

17-18. Walang pag-aalinlangan, sinubok Namin ang mga taga-Makkah ng taggutom at tagtuyot, na tulad ng pagsubok Namin sa mga tao na nagmamay-ari ng hardin, noong sila ay nagsumpaan sa isa't isa, na pipitasin nila ang mga bunga ng kanilang hardin nang maagang-maaga kinabukasan; upang hindi makakain mula rito ang iba, at hindi sila nagsabi ng: "*Insha`Allâh*," – na ang ibig sabihin ay kung pahintulutan ng Allâh (ﷻ).

19-20. At doon ay nagbaba ang Allâh (ﷻ) sa hardin na yaon ng apoy sa gabi, na ito ay nasunog habang sila ay natutulog, na kung kaya, ito ay nasunog na nangitim na tulad ng gabing madilim.

21-22. At nagtawagan sila sa isa't isa pagkasapit na pagkasapit ng umaga: "*Pumunta na kayo ng maaga sa inyong mga pananim kung talagang hangad ninyo na pitasin ang mga bunga nito*."

22-24. At tumungo sila roon nang mabilisan, habang sila ay nag-uusap nang palihim sa isa't isa: "*Huwag ninyong hayaan ngayon na makapasok ang kahit isa man lamang na mahirap sa inyong hardin.*"

25. At sa pinakaumpisa pa lamang ng umaga ay nagtungo na sila sa kanilang hardin na ang kanilang masamang layunin ay ipagkait sa mga mahihirap ang anumang bunga ng hardin, na sila ay umaasam na kayang-kaya nila itong gawin.

26-33. At nang nakita nila ang kanilang hardin na nasunog ay tinanggihan nila at hindi sila makapaniwala at kanilang sinabi: "*Katiyakan*, *nagkamali tayo ng daan*

tungo sa hardin," subali't nang mapatunayan nila na ito talaga ang kanilang hardin, kanilang sinabi: "*Ang katotohanan*, *tayo ay pinagkaitan ng kapakinabangan sa hardin na ito*; *dahil sa ating layunin na ipagkait at pagbawalan ang mga mahihirap mula rito*."

Sinabi ng isa sa mabuti sa kanila: "*Hindi ba sinabi ko sa inyo na nararapat na magsabi kayo ng* '*Insha`Allâh?*'" Kanilang sinabi noong sila ay bumalik na sa kanilang katinuan: "*Luwalhati sa Allâh na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na Siya ay ligtas sa pagsasagawa ng pandaraya sa atin na hindi Niya tayo dinaya sa nangyari sa atin*, *bagkus tayo ay masasama na inapi natin ang ating mga sarili sa hindi pagsasabi ng* '*Insha`Allâh*' *at sa ating masamang layunin*."

At pagkatapos ay nagharap-harap sila sa isa't isa na sinisisi nila ang bawa't sarili nila dahil sa kanilang masamang layunin, na kanilang sinabi: "*Kapighatian sa atin dahil nilabag natin ang hangganan na itinakda ng Allâh sa pamamagitan ng pagkakait natin sa mga mahihirap at paglabag natin sa Kautusan ng Allâh*, *na pagkalooban nawa tayo ng Allâh* (ﷻ) *ng higit pa kaysa sa ating hardin*; *dahil sa ating pagsisisi at pag-amin natin na ating kasalanan*. *At tayo sa katotohanan*, *sa ating* '*Rabb*' *na Tagapaglikha lamang na Bukod-Tangi tayo humahangad*, *na inaasam natin ang Kanyang kapatawaran at humihingi tayo ng biyaya*."

Ang katulad nito na pagpaparusa na Aming ipinarusa sa mga nagmamay-ari ng hardin ay ganito rin ang Aming igagawad na parusa rito sa daigdig sa sinumang lalabag sa kautusan ng Allâh (ﷻ), at ipinagkait ang anumang ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) na biyaya, subali't katotohanang ang parusa sa Kabilang-Buhay ay mas masidhi kaysa sa parusa rito sa daigdig, na kung batid lamang nila ito ay iiwasan nila ang anumang magiging sanhi ng ganitong kaparusahan.

34. Katiyakan, ang mga yaong natakot sa parusa ng Allâh sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang ipinag-uutos at umiwas sa Kanyang ipinagbabawal, ay para sa kanila mula sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Kabilang-Buhay ay mga Hardin na nandoroon ang patuloy at walang-hanggang kaligayahan.

35-36. Ituturing ba Namin ang mga nagpapasailalim sa kagustuhan ng Allâh sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya na katulad ng mga walang pananampalataya? Paano kayo naghuhusga nang ganitong maling paghuhusga, na pinagpantay ninyo ang kabayaran para sa kanila?

37-38. O mayroon ba kayong Aklat na ipinahayag mula sa kalangitan na nakasaad doon na ang sumusunod ay katulad ng lumalabag, na pinag-aralan ninyo roon ang

anuman na inyong sinasabi? Na nagagawa ninyo sa Aklat na yaon ang anuman na inyong nais? Hindi ito kailanman nangyari sa inyo.

39. O gumawa ba kayo ng mga kasunduan na kayo ay nakipagkasundo sa Amin, na habang panahon hanggang sa Araw ng Paghuhukom, na walang pag-aalinlangang mangyayari ang anuman na inyong nais?

40-41. Tanungin mo ang mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, O Muhammad (ﷺ): "*Sino sa kanila ang matatag na magtitiyak na mangyayari ang kanyang inaangkin? O mayroon ba silang mga diyus-diyusan na tinitiyak sa kanila ang anuman na kanilang sinasabi*, *na tumutulong sa kanila upang mangyari ang anuman na kanilang nais*, *magpakita sila ng katibayan kung sila ay totoo sa kanilang pag-aangkin?*"

42. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay magiging kagimbal-gimbal ang pangyayari, at darating ang Allâh (ﷻ) upang pagpasiyahan ang Kanyang itinakda sa pagitan ng Kanyang mga nilikha, at palilitawin Niya ang Kanyang kagalang-galang na '*Sâq*.'[61] Sinabi ng Propeta: "*Ipapakita ng Allâh* (ﷻ) *na ating* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ang Kanyang* '*Sâq*,' *at doon magsu-*'*Sujûd*' (*o magpapatirapa*) *sa Kanya ang lahat ng mga mananampalataya lalaki man o babae*, *at mananatiling nakatayo ang sinumang nag-*'*Sujûd*' (*o nagpatirapa*) *sa daigdig bilang pakitang-tao lamang na sila ay tutungo upang magpatirapa subali't titigas ang kanilang mga likuran na hindi nila maibabaluktot ang kanilang mga buto sa gulugod* (*o* '*vertebral column*')."

[61]'*Sâq*' – isinalin sa wikang Filipino na Binti, na ito ay walang kahalintulad kundi ayon sa angkop na Kamaharlikaan ng Allâh (ﷻ).


الجزء الثامن والعشرون سورة القلم
خَٰشِعَةً أَبۡصَٰرُهُمۡ تَرۡهَقُهُمۡ ذِلَّةٞۖ وَقَدۡ كَانُواْ يُدۡعَوۡنَ إِلَى ٱلسُّجُودِ وَهُمۡ سَٰلِمُونَ ﴿٤٣﴾
فَذَرۡنِي وَمَن يُكَذِّبُ بِهَٰذَا ٱلۡحَدِيثِۖ سَنَسۡتَدۡرِجُهُمۡ مِّنۡ حَيۡثُ ﴿٤٤﴾
لَا يَعۡلَمُونَ ﴿٤٤﴾ وَأُمۡلِي لَهُمۡۚ إِنَّ كَيۡدِي مَتِينٌ ﴿٤٥﴾ أَمۡ تَسۡـَٔلُهُمۡ أَجۡرٗا فَهُم
مِّن مَّغۡرَمٖ مُّثۡقَلُونَ ﴿٤٦﴾ أَمۡ عِندَهُمُ ٱلۡغَيۡبُ فَهُمۡ يَكۡتُبُونَ ﴿٤٧﴾ فَٱصۡبِرۡ
لِحُكۡمِ رَبِّكَ وَلَا تَكُن كَصَاحِبِ ٱلۡحُوتِ إِذۡ نَادَىٰ وَهُوَ مَكۡظُومٞ ﴿٤٨﴾ لَّوۡلَآ
أَن تَدَٰرَكَهُۥ نِعۡمَةٞ مِّن رَّبِّهِۦ لَنُبِذَ بِٱلۡعَرَآءِ وَهُوَ مَذۡمُومٞ ﴿٤٩﴾ فَٱجۡتَبَٰهُ رَبُّهُۥ
فَجَعَلَهُۥ مِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٥٠﴾ وَإِن يَكَادُ ٱلَّذِينَ كَفَرُواْ لَيُزۡلِقُونَكَ بِأَبۡصَٰرِهِمۡ
لَمَّا سَمِعُواْ ٱلذِّكۡرَ وَيَقُولُونَ إِنَّهُۥ لَمَجۡنُونٞ ﴿٥١﴾ وَمَا هُوَ إِلَّا ذِكۡرٞ لِّلۡعَٰلَمِينَ ﴿٥٢﴾
سُورَةُ الحَاقَّةِ
بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ
ٱلۡحَآقَّةُ ﴿١﴾ مَا ٱلۡحَآقَّةُ ﴿٢﴾ وَمَآ أَدۡرَىٰكَ مَا ٱلۡحَآقَّةُ ﴿٣﴾ كَذَّبَتۡ ثَمُودُ
وَعَادُۢ بِٱلۡقَارِعَةِ ﴿٤﴾ فَأَمَّا ثَمُودُ فَأُهۡلِكُواْ بِٱلطَّاغِيَةِ ﴿٥﴾ وَأَمَّا
عَادٞ فَأُهۡلِكُواْ بِرِيحٖ صَرۡصَرٍ عَاتِيَةٖ ﴿٦﴾ سَخَّرَهَا عَلَيۡهِمۡ
سَبۡعَ لَيَالٖ وَثَمَٰنِيَةَ أَيَّامٍ حُسُومٗاۖ فَتَرَى ٱلۡقَوۡمَ فِيهَا صَرۡعَىٰ
كَأَنَّهُمۡ أَعۡجَازُ نَخۡلٍ خَاوِيَةٖ ﴿٧﴾ فَهَلۡ تَرَىٰ لَهُم مِّنۢ بَاقِيَةٖ ﴿٨﴾

43. Nakatungo ang kanilang mga paningin na hindi nila maiaangat, na sila ay pinagtakluban ng kaabahan at kapahamakan dahil sa tindi ng parusa ng Allâh; katiyakang sila noon ay hinihikayat tungo sa pagsasagawa ng '*Salâh*' para sa Allâh (ﷻ) at pagsamba sa Kanya, at sila noon ay kayang-kaya nilang gawin ito subali't sila ay hindi nagpatirapa; dahil sa kanilang pagmamataas.

44-45. Na kung kaya, hayaan mo, O Muhammad (ﷺ), Ako at siya na tinanggihan ang Dakilang Qur'ân na ito, dahil katiyakang nasa Akin ang pagbabayad at pagpaparusa sa kanila, na pagkakalooban Namin sila ng mga kayamanan, mga anak at mga biyaya bilang pagpapaluwag sa kanila na hindi nila namamalayan na ito ang dahan-dahan na pagpapahamak sa kanila, at bibigyan Namin sila ng sandaling ginhawa at pahahabain Namin ang kanilang buhay upang mas lalong maragdagan ang kanilang mga kasalanan. Katiyakan, ang Aking Panukala na pagpaparusa sa mga walang pananampalataya ay matatag (o matibay).

46-47. O sinisingil mo ba, O Muhammad (ﷺ), sila na mga walang pananampalataya ng makamundong kabayaran bilang kapalit sa iyong pagpapaparating ng mensahe, na sila sa ganoong paniningil ay nabibigatan at nahihirapan? O mayroon ba silang kaalaman hinggil sa mga bagay na di-nakikita, na sila ang nag-aatas ng pagtatakda para sa kanilang sarili na mas nakahihigit (daw) ang kanilang antas sa paningin ng Allâh (ﷻ) kaysa sa mga naniwala sa Allâh?

48-50. Tiisin mo, O Muhammad (ﷺ), ang anumang pinagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at Kanyang itinakda, na kabilang dito ay pagbibigay ng palugit sa kanila at pag-aantala ng iyong pagkapanalo laban sa kanila, at huwag mong hayaan na maging katulad ka ng nilamon ng malaking isda na si Yûnus sa pagmamadali at pagkagalit, noong siya ay nanawagan sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na siya ay punung-puno ng pagdadalamhati na hinihiling niya na madaliin ang pagparusa sa kanila, na kung hindi lamang umabot sa kanya ang

biyaya ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha na siya ay ginabayan para magsisi at ito ay tinanggap sa kanya, ay iluluwa siya ng isda sa dalampasigan na pababayaan at sisisihin, dahil sa siya ay nakagawa ng isang bagay na karapat-dapat sisihin, subali't dahil sa siya ay pinili ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha para sa Kanyang mensahe, na kung kaya, siya ay ibinilang sa mga mabubuti na mabuti ang mga layunin, mga gawain at mga salita.

51. At halos maitumba ka sa iyong kinaroroonan, O Muhammad (ﷺ), ng mga walang pananampalataya dahil sa kanilang matinding pagtingin sa iyo bilang poot at galit noong narinig nila ang Qur'ân, na kanilang sinasabi: "*Katunayan*, *ikaw ay nasisiraan ng bait*."

52. Subali't ang Qur'ân ay walang iba kundi pagpapayo, paalaala sa mga tao at mga '*jinn*.'

سورة الـــحاقة 69

LXIX – Sûrat Al-Hâqqah

[**Kabanata Al-Hâqqah** – Ang Pangyayari Na Hindi Maaaring Pigilin]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-3. "*Al-Hâqqah*" – Ang Pagkabuhay na Mag-uli ay walang pag-aalinlangang magaganap na roon ay maisasakatuparan ang anumang ipinangako at ibinigay na babala. Ano ba ang Pagkabuhay na Mag-uli na kung saan ang katangian at kalagayan nito ay katiyakang magaganap? Ano ba ang magpapabatid sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ng katotohanan hinggil sa Pagkabuhay na Mag-uli at magsasalarawan sa iyo sa kagimbal-gimbal at matinding pangyayari roon?

4. Hindi naniwala ang mga lipi ni Thamoud na sambayanan ni Sâleh at ang mga lipi ni `Âd na sambayanan ni Hûd, sa Pagkabuhay na Mag-uli na sa Araw na yaon ay kakalabog sa kanilang mga dibdib ang kagimbal-gimbal na pangyayari.

5-8. Hinggil sa sambayanan ni Thamoud, sila ay pinuksa sa pamamagitan ng ingay na lumampas sa pagiging hangganan ng tindi ng lakas nito, at sa sambayanan naman ni `Âd ay pinuksa sa pamamagitan ng malamig na hangin na napakalakas ang bugso nito, na pinanatili ito ng Allâh (ﷻ) sa kanila sa loob ng pitong gabi at walong araw na magkakasunod, na patuloy at walang tigil, na makikita mo ang mga tao sa mga gabi at mga araw na yaon na mga nakahandusay at mga patay na ang katulad nila ay mga puno ng palmera ng datiles na binunot sa pinakaugat. Kung gayon, mayroon ka pa bang nakikita sa kanila na nanatiling buhay na hindi napuksa?



9-10. At dumating ang pinakamasama na si Fir`âwn at ang mas nauna pa sa kanya na mga sambayanan na sila ay hindi naniwala sa kanilang mga Sugo, at ang mga nanirahan sa mga bayan ni Lût na binaligtad sa kanila ang kanilang bayan dahil sa kanilang kasuklam-suklam na gawain na di-paniniwala, pagsamba sa iba at mga kahalayan.

At lumabag ang bawa't sambayanan mula sa kanilang Sugo na ipinadala sa kanila ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na kung kaya, pinuksa sila ng Allâh (ﷻ) nang matinding pagkapuksa.

11-12. Katiyakan, Kami, noong umapaw na ang tubig, hanggang sa natabunan na nito ang lahat ng bagay, ay dinala Namin ang mga ninuno ninyo na kasama ni Nûh sa pamamagitan ng pagsakay sa Arka (malaking sasakyang pantubig) na ito ay lumalayag sa tubig; upang gawin Namin ang pangyayaring ito na paraan ng pagligtas sa mga mananampalataya at paglunod sa mga walang pananampalataya bilang aral at pagpapayo, na naitanim ng bawa't pandinig kung ano ang dapat nilang itanim na aral at naintindihan ng bawa't nakarinig na ito ay mula sa Allâh (ﷻ).

13-18. At kapag hinipan na ng anghel ang trumpeta ng isang ihip, na ito ay ang unang pag-ihip na magiging kawakasan ng lahat ng sandaigdigan, at aalisin ang kalupaan at ang kabundukan mula sa kinaroroonan nito, at wawasakin at yayanigin ito ng isang pagyanig na napakatindi. At sa mga oras na yaon ay mangyayari ang pagkagunaw ng daigdig, at mabibiyak ang kalangitan na sa pagkakataong yaon ay napakahina nito na nakalaylay, na hindi na magkakarugtong at wala na itong tibay, at ang mga anghel ay nandoroon sa mga dulo ng mga kalangitang yaon, at bubuhatin ng walong mga malalaki at dakilang anghel ang ``*Arsh*' ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, na nasa ibabaw nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At sa Araw na yaon ay ilalantad kayo sa Allâh (ﷻ), O kayong mga tao, para sa pagbabayad at pagtutumbas, na walang anumang naitatago sa Kanya sa inyong mga lihim.

19-24. At ang sinumang ipagkakaloob sa kanya ang kanyang talaan ng kanyang gawain sa pamamagitan ng kanyang kanang kamay, kanyang sasabihin bilang matinding kagalakan at tuwa: "*Narito! Kunin ninyo at basahin ninyo ang aking talaan! Katiyakang ako ay nakatiyak noong nasa daigdig pa ako*, *na walang pag-aalinlangang makakamit ko ang anumang karapat-dapat na pagtutumbas para sa akin sa Araw ng Muling Pagkabuhay*, *na kung kaya*, *pinaghandaan ko ito kalakip ng tamang paniniwala at mabuting gawa*," na sa gayong kadahilanan, siya ay nasa kalugud-lugod na pamumuhay, na nasa matataas na mga antas sa Hardin, na ang mga bunga nito ay kumpul-kumpol na napakalapit sa kanya na maaaring pitasin nang nakatayo, nakaupo at nakahiga, na sasabihin sa kanila: "*Halinang kumain kayo at uminom na malayo sa anumang kapahamakan na ligtas sa anumang hindi kanais-nais*; *dahil sa inyong mga nagawang kabutihan sa mga nakaraan ninyong araw sa daigdig*."

25-29. At siya naman na ipinagkaloob sa kanya ang kanyang talaan ng kanyang mga gawain sa pamamagitan ng kanyang kaliwang kamay, ay kanyang sasabihin bilang pagsisisi at panghihinayang: "*Sana ay hindi na ibinigay sa akin ang aking talaan nang sa gayon ay hindi ko na nalaman kung ano ang aking naging kabayaran! Sana*, *ang kamatayan na nangyari sa akin sa daigdig ay yaon na ang naging tunay kong katapusan at hindi na ako mabubuhay pa pagkatapos noon! Hindi ko napakinabangan ang aking kayamanan na aking nilikom sa daigdig! Naglaho na sa akin ang anuman na aking kakayahan at paninindigan*, *at wala na akong katibayan upang mangatwiran!*"

30-34. Sasabihin sa mga tagapangasiwa ng Impiyernong-Apoy: "*Dakmain ninyo ang masama na makasalanang ito*, *at pagsamahin ninyo ang kanyang dalawang kamay at leeg sa pagkakadena*, *pagkatapos ay ipasok ninyo siya sa Impiyerno upang malasap niya ang init nito*, *pagkatapos ay ilagay ninyo siya sa kadena na gawa sa bakal na ang haba nito ay pitumpong kyubit*,[62] *at doon ninyo siya ikadena.*" Katotohanan, siya ay hindi naniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang kadakilaan, at hindi sumunod sa Kanyang gabay at hindi niya hinikayat ang mga tao sa daigdig na pakanin ang mga nangangailangan na mga mahihirap at iba pa.

[62]*Kyubit* – sinaunang pamamaraan ng pagsukat ng haba sa pamamagitan ng braso, mula siko hanggang pulso o galanggalangan ('*wrist*' sa wikang Inggles).


الجزء الثلاثون
سورة الحاقة
فَلَيْسَ لَهُ ٱلْيَوْمَ هَٰهُنَا حَمِيمٌ ﴿٣٥﴾ وَلَا طَعَامٌ إِلَّا مِنْ غِسْلِينٍ ﴿٣٦﴾ لَّا يَأْكُلُهُۥٓ
إِلَّا ٱلْخَٰطِـُٔونَ ﴿٣٧﴾ فَلَآ أُقْسِمُ بِمَا تُبْصِرُونَ ﴿٣٨﴾ وَمَا لَا تُبْصِرُونَ ﴿٣٩﴾
إِنَّهُۥ لَقَوْلُ رَسُولٍ كَرِيمٍ ﴿٤٠﴾ وَمَا هُوَ بِقَوْلِ شَاعِرٍ ۖ قَلِيلًا مَّا تُؤْمِنُونَ ﴿٤١﴾
وَلَا بِقَوْلِ كَاهِنٍ ۖ قَلِيلًا مَّا تَذَكَّرُونَ ﴿٤٢﴾ تَنزِيلٌ مِّن رَّبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٤٣﴾ وَلَوْ
تَقَوَّلَ عَلَيْنَا بَعْضَ ٱلْأَقَاوِيلِ ﴿٤٤﴾ لَأَخَذْنَا مِنْهُ بِٱلْيَمِينِ ﴿٤٥﴾ ثُمَّ لَقَطَعْنَا
مِنْهُ ٱلْوَتِينَ ﴿٤٦﴾ فَمَا مِنكُم مِّنْ أَحَدٍ عَنْهُ حَٰجِزِينَ ﴿٤٧﴾ وَإِنَّهُۥ لَتَذْكِرَةٌ
لِّلْمُتَّقِينَ ﴿٤٨﴾ وَإِنَّا لَنَعْلَمُ أَنَّ مِنكُم مُّكَذِّبِينَ ﴿٤٩﴾ وَإِنَّهُۥ لَحَسْرَةٌ عَلَى
ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٥٠﴾ وَإِنَّهُۥ لَحَقُّ ٱلْيَقِينِ ﴿٥١﴾ فَسَبِّحْ بِٱسْمِ رَبِّكَ ٱلْعَظِيمِ ﴿٥٢﴾
سُورَةُ المَعَارِجِ
بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ
سَأَلَ سَآئِلٌۢ بِعَذَابٍ وَاقِعٍ ﴿١﴾ لِّلْكَٰفِرِينَ لَيْسَ لَهُۥ دَافِعٌ ﴿٢﴾ مِّنَ
ٱللَّهِ ذِى ٱلْمَعَارِجِ ﴿٣﴾ تَعْرُجُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ وَٱلرُّوحُ إِلَيْهِ فِى
يَوْمٍ كَانَ مِقْدَارُهُۥ خَمْسِينَ أَلْفَ سَنَةٍ ﴿٤﴾ فَٱصْبِرْ صَبْرًا جَمِيلًا ﴿٥﴾
إِنَّهُمْ يَرَوْنَهُۥ بَعِيدًا ﴿٦﴾ وَنَرَىٰهُ قَرِيبًا ﴿٧﴾ يَوْمَ تَكُونُ ٱلسَّمَآءُ كَٱلْمُهْلِ
﴿٨﴾ وَتَكُونُ ٱلْجِبَالُ كَٱلْعِهْنِ ﴿٩﴾ وَلَا يَسْـَٔلُ حَمِيمٌ حَمِيمًا ﴿١٠﴾

35-37. At sa Araw na ito (Araw ng Muling Pagkabuhay) walang sinuman mula sa mga malapit sa kanya na walang pananampalataya ang makapagliligtas sa kanya mula sa kaparusahan, at wala siyang anumang makakain sa Impiyerno kundi mula sa nana at maruming pinaghugasan ng mga sugat ng mga tao, na walang kumakain nito kundi yaong mga makasalanan na nagpumilit sa di-paniniwala sa Allâh (ﷻ).

38-43. At sumusumpa Ako sa pamamagitan ng anumang bagay na inyong nakikita at sa pamamagitan ng anumang bagay na hindi ninyo nakikita, na walang pag-aalinlangang ang Qur'ân ay salita ng Allâh (ﷻ), na binibigkas ng dakilang Sugo na mataas ang kanyang antas at karangalan, at hindi ito salita ng manunula na katulad ng inyong inaangkin, dahil kapag ito ay salita ng manunula ay kakaunti lamang ang inyong paniniwalaan sa Kasulatang ito, at hindi rin ito mga orasyon ng mga manghuhula, dahil kapag ito ay mga orasyon ng mga manghuhula ay kakaunti lamang sa inyo ang makaaalaala nito at makababatid, kundi ito ay walang pag-aalinlangan na Salita ng '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng nilikha na Kanyang ipinahayag sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ).

44-48. At kung mag-iimbento si Muhammad (ﷺ) ng anuman na hindi Namin sinabi, ay paparusahan Namin siya sa pamamagitan ng kanyang kamay o sa pamamagitan ng matinding kapangyarihan at lakas, pagkatapos ay puputulin Namin ang ugat sa kanyang leeg na may koneksiyon sa kanyang puso (upang siya ay mamatay), at walang sinuman mula sa inyo ang magkakaroon ng kakayahan na mailigtas siya mula sa Aming parusa. At ang Qur'ân na ito ay pagpapayo sa mga matatakutin sa Allâh na sumusunod sa Kanyang mga ipinag-uutos at umiiwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.

49-52. At katiyakan, batid Namin na mayroon sa inyo ang hindi naniniwala sa Qur'ân na ito kahit gaano pa kalinaw ang mga talata nito. At katiyakan, ang hindi paniniwala

rito ay pagsisisihan nang matindi ng mga walang pananampalataya sa oras na makikita na nila ang parusa na para sa kanila at ang biyaya na para sa mga mananampalataya. At katiyakan, ito ay katotohanang di mapag-aalinlanganan at katiyakan na ganap na walang pag-aalinlangan ang hinggil dito. Na kung kaya, luwalhati sa Allâh (ﷻ) na Siya ay malayo sa anumang hindi karapat-dapat sa Kanyang Kadakilaan, at luwalhatiin mo Siya sa pamamagitan ng Kanyang dakilang Pangalan, na '***Al-`Adzeem***' – ang Pinakadakila.

سورة الـــمعارج 70

LXX – Sûrat Al-Ma`ârij

[**Kabanata Al-Ma`ârij** – Ang Mga Daan Ng Pag-Akyat o Pag-angat]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-4. Nagtanong ang tagapagtanong mula sa mga walang pananampalataya at nanalangin laban sa kanyang sarili at sa kanyang sambayanan na mangyari na ang parusa sa kanila bilang pang-iinsulto, at katiyakang ito ay mangyayari sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay na walang pag-aalinlangan, na walang sinumang makapipigil nito sa Allâh (ﷻ) na Kataas-taasan at Napakadakila, na umaakyat ang mga anghel at si Jibril tungo sa Allâh (ﷻ) sa Araw na ang katumbas ay limampung libong taon sa mga taon dito sa daigdig, at para sa mga mananampalataya ay kasintagal lamang ng isang obligadong '*Salâh*.'

5. Na kung kaya, magtiis ka, O Muhammad (ﷺ), sa kanilang pangungutya at sa ipinamamadali nila na parusa, ng pagtitiis na walang pagdaing kundi sa Allâh (ﷻ) lamang.

6-7. Katiyakan, iniisip nila na mga walang pananampalataya na malayong mangyari ang parusa at nakikita nila na ito ay hindi mangyayari, samantalang Kami ay nakikita Namin ito nang may katiyakan at malapit nang mangyari na walang pag-aalinlangan.

8-9. Sa Araw na ang kalangitan ay magiging katulad ng kumukulong maruming langis na natutunaw, at ang mga kabundukan ay magiging katulad naman ng mga pira-pirasong balahibo ng lana na may mga kulay na ikinalat ng hangin.

10. At hindi na magtatanong ang matalik na kaibigan hinggil sa nangyari sa kanyang kaibigan; dahil bawa't isa ay abalang-abala sa kanyang sarili sa tindi ng pangyayari.



11-14. Makikita at mababatid nila na wala nang kakayahan ang sinuman na makagawa ng anumang kapakina-bangan sa sinuman. Aasamin ng mga walang pananampalataya na kung maaari lamang sana ay matubos niya ang kanyang sarili mula sa parusa sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa pamamagitan ng kanyang mga anak, asawa at kapatid, at sa pamamagitan ng kanyang pamilya na siyang nagkalinga sa kanya at doon siya namuhay na kasama nila dahil sa kanilang ugnayang magkamag-anak, at sa lahat ng nasa kalupaan na mga tao at iba pa, upang mailigtas niya lamang ang kanyang sarili mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

15-18. Ang pangyayari ay hindi tulad ng iyong inaasam na pagtutubos, O ikaw na walang pananampalataya, kundi ito ay Impiyerno na nagliliyab ang Apoy nito, at tinutuklap ng matinding init ang balat ng ulo at lahat ng dulo ng katawan, na tinatawag nito ang sinumang tumalikod sa katotohanan sa daigdig, at tinalikuran ang pagsunod sa Allâh at sa Kanyang Sugo, at naglikom ng yaman na itinago niya sa kanyang imbakan at hindi niya ibinigay ang karapatan ng Allâh (ﷻ) sa yamang ito (sa pamamagitan ng paggasta sa Daan ng Allâh).

19-30. Katiyakan, ang tao ay nilikha na kaunti ang pagpapasensiya at gahaman, at kapag nangyari sa kanya ang di-kanais-nais at kahirapan ay magiging matindi ang kanyang kawalan ng kakuntentuhan, at kapag nangyari (naman) sa kanya ang mabuti at kaginhawahan ay magiging matindi ang kanyang pagiging makasarili at karamutan, maliban sa kanila na patuloy sa pagsasagawa ng '*Salâh*,' na ito ay kanilang inaalagaan at ginagawa sa tamang oras nito, at hindi sila nahahadlangan ng kahit na ano para rito, at ang mga yaong nagbukod ng nakatakdang bahagi mula sa kanilang yaman na ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) sa kanila, na ito ay obligadong kawanggawa ('*zakâh*') na ibinibigay sa mga nangangailangan: kahit alinman sa dalawa sa nanghihingi at hindi nanghihingi, at ang mga yaong naniwala sa Araw ng

Paghuhukom para sa Pagbabayad kaya ito ay pinaghandaan nila sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga mababuting gawa, at ang mga yaong natatakot sa kaparusahan ng Allâh. Katiyakan, ang parusa ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha ay hindi maaaring ipagwalang-bahala, na hindi niya tinitiyak sa kanyang sarili na siya ay ligtas mula rito. At ang mga yaong inaalagaan nila ang kanilang mga pribadong bahagi mula sa anumang kahalayan at ipinagbawal ng Allâh (ﷻ), maliban sa kanilang mga asawa o sa pagmamay-ari ng kanilang kanang kamay na mga alipin na kababaihan – hinggil sa mga ito ay hindi sila maaaring sisihin.

31-35. At sinuman ang magnanais na isagawa nila ang kanyang pagnanasa sa hindi nila mga asawa at pagmamay-aring alipin ay sila sa katunayan ang mga yaong lumampas sa hangganan ng ipinahintulot tungo sa ipinagbawal. At ang mga yaong inaalagaan nila ang mga ipinagkatiwala ng Allâh (ﷻ) at ipinagkatiwala ng mga alipin ng Allâh sa kanila, at pinanindigan nila ang kanilang mga pangako sa Allâh (ﷻ) at sa mga alipin ng Allâh, at ang mga yaong tinutupad nila ang kanilang pagtestigo ng katotohanan na walang pagbabago o paglilihim, at ang mga yaong isinagawa nila nang ganap ang pagsa-'*Salâh*' at wala silang binabago na anuman sa mga obligasyon ng gawaing ito. Sila na mga nagtatangan ng mga ganitong dakilang katangian ay mananatili sa mga Hardin ng Walang-Hanggang Kaligayahan, na pinararangalan ng lahat ng uri ng parangal.

36-39. Kung gayon, ano pa ba ang nagtutulak sa kanila na mga walang pananampalataya na makinig at magtungo sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na nagmamadaling iniaangat ang kanilang mga leeg na nakaharap ang kanilang paningin sa iyo na sila ay nag-uumpukan sa iyong gawing kanan at sa iyong gawing kaliwa na iba't ibang grupo na magkakahiwa-hiwalay, na nag-uusap-usap at namamangha na may pag-aalinlangan?

Umaasam ba ang bawa't isa sa kanila na mga walang pananampalataya na papapasukin sila ng Allâh (ﷻ) sa Hardin ng Walang-Hanggang Kaligayahan? Ang katotohanan ay hindi ang yaong kanilang inaasam, kundi walang pag-aalinlangan, kailanman ay hindi sila makapapasok doon. Katiyakan, nilikha Namin sila (ang tao) mula sa bagay na batid nila na walang halagang lusaw na bagay na katulad din ng iba, subali't hindi sila naniwala, kung gayon, saan ba magmumula ang pagiging karapat-dapat o karapatan nila sa pagpasok sa Hardin ng Walang-Hanggang Kaligayahan?



40-41. Sumusumpa Ako sa pamamagitan ng '*Rabb*' na Tagapaglikha ng sinisikatan ng araw at mga bituin, at nilulubugan nito, na katiyakang Kami ang May Kakayahan na palitan sila ng ibang sambayanan na mas mabuti kaysa sa kanila at mas masunurin sa Allâh (سبحانه وتعالى), at walang sinuman ang makahihigit at makapipigil sa Amin mula sa anumang Aming nais na ipapalit.

42-44. Kung gayon, pabayaan mo na lamang silang magpakalulong sa kanilang kamalian at magpakasasa sa kanilang makamundong hangarin hanggang sa marating nila ang Araw ng Muling Pagkabuhay na kung saan doon ay pinangakuan sila ng kaparusahan, na sa Araw na yaon ay lalabas sila nang mabilisan mula sa mga libingan na katulad ng kanilang ginawang pagtungo sa kanilang mga diyus-diyusan na kanilang inimbento upang sambahin bukod sa Allâh, na sila ay nagmamadali na abang-aba ang kanilang paningin na nakatungo sa ibaba, na pinagtakluban sila ng kapahamakan at pinagtabuyan na walang halaga, ito na ang Araw na ipinangako sa kanila sa daigdig, na iniinsulto nila noon at hindi pinaniniwalaan.

سورة نـــوح 71

LXXI – Sûrat Nûh

[**Kabanata Nûh** – (Si Propeta) Nûh (Noah)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-4. Katiyakan, Kami ang nagpadala kay Nûh (عليه السلام) tungo sa kanyang sambayanan, at Aming sinabi sa kanya: "*Balaan mo ang iyong sambayanan bago dumating sa kanila ang masidhing kaparusahan*."

Sinabi ni Nûh (عليه السلام): "*O aking sambayanan! Katiyakan*, *ako ay tagapagbabala sa inyo na dala-dala ko ang babala hinggil sa parusa ng Allâh* (سبحانه وتعالى) *kung kayo ay lalabag sa akin*, *kaya maniwala kayo sa Kaisahan ng Allâh* (سبحانه وتعالى), *at sambahin ninyo lamang Siya nang bukod-tangi*, *at matakot kayo sa Kanyang kaparusahan*, *at maniwala kayo sa akin na sumunod sa aking ipinag-uutos at umiwas sa aking ipinagbabawal*, *dahil katiyakang ako ay Sugo ng Allâh sa inyo*, *patatawarin Niya sa inyo ang inyong mga kasalanan at pagkakalooban Niya kayo ng mahahabang buhay hanggang dumating sa inyo ang nakatakdang katapusan ng inyong buhay ayon sa kaalaman ng Allâh* (سبحانه وتعالى), *katiyakan*, *ang kamatayan kapag ito ay dumating ay hindi na ito maiaantala pa*, *na kung alam lamang ninyo ito ay magmamadali kayo tungo sa paniniwala at pagsunod.*"

5-10. Sinabi ni Nûh (عليه السلام): "*O Allâh* (سبحانه وتعالى) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *katiyakang inanyayahan ko ang aking sambayanan tungo sa paniniwala sa Iyo*, *at pagsunod sa Iyo nang gabi at araw*, *subali't walang nairagdag sa kanila ang aking paanyaya tungo sa paniniwala kundi paglayo nila mula sa akin at pagtalikod*, *at katiyakang sa tuwing inaanyayahan ko sila tungo sa paniniwala sa Iyo*; *upang ito ang magiging daan sa Iyong pagpatawad sa kanilang mga kasalanan ay inilalagay nila ang kanilang mga daliri sa kanilang mga tainga*; *upang hindi nila marinig ang paanyaya ng katotohanan*, *at nagsisipagtalukbong sila ng kanilang mga kasuotan*; *upang hindi nila ako makita*, *at nanatili sila sa kanilang di-paniniwala*, *at nagmataas sila nang matinding pagmamataas sa pamamagitan ng di-pagtanggap ng Tamang Pananampalataya*, *pagkatapos ay katiyakang inanyayahan ko pa rin sila tungo sa paniniwala nang hayagan na lantaran na walang paglilihim*, *pagkatapos ay katiyakang inihayag kong muli sa kanila ang paanyaya sa madla na may malakas na boses at minsan naman ay palihim ang aking pakikipag-usap sa kanila*, *na aking sinabi sa aking sambayanan*: '*Hilingin ninyo ang kapatawaran ng inyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha sa inyong mga kasalanan*, *at magsisi kayo sa Kanya mula sa inyong di paniniwala*, *dahil katiyakang ang Allâh* (سبحانه وتعالى) *ang Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisi mula sa Kanyang alipin at nagbalik-loob sa Kanya*.'



11-16. ‘*Kung kayo ay magsisisi at hihingi ng kapatawaran ay ibababa ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo ang masaganang tubig-ulan*, *at gagawin ng Allâh* (ﷻ) *na masagana sa inyo ang inyong kayamanan at pararamihin ang inyong mga anak*, *at ililikha kayo ng mga hardin upang lumigaya kayo sa mga bunga at ganda nito*, *at igagawa kayo ng mga ilog na kayo ay iinom mula roon at didiligan ang inyong mga pananim at paiinumin ang inyong mga inaalagaang hayop.*’” Bakit kayo, O aking sambayanan ay hindi natatakot sa Kadakilaan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang pagiging Ganap na Makapangyarihan, gayong katiyakang nilikha Niya kayo sa magkakasunud-sunod na yugto: na ‘*Nutfah*,’ ‘`*Alaqah*,’ at ‘*Mudhghah*,’ pagkatapos ito ay ginawa Niyang buto at laman? Hindi ba ninyo nakikita kung paano nilikha ng Allâh (ﷻ) ang pitong kalangitan na magkakapatung-patong na ang isa ay nasa ibabaw ng isa, at ginawa (rin) Niya roon para sa inyo ang buwan bilang liwanag sa mga kalangitang ito, at ginawa (pa rin) Niya para sa inyo ang araw bilang ‘*Sirâjâ*’ (tanglaw o ilawan) na nagpapaliwanag upang makakita ng tunay na liwanag ang lahat ng nasa kalupaan?

17-20. At nilikha ng Allâh (ﷻ) ang inyong pinakalahi na si Âdam (عليه السلام) mula sa (alabok ng) kalupaan, pagkatapos ay ibabalik kayo sa kalupaan pagkatapos ng inyong kamatayan, at pagkatapos muli ay palalabasin kayo mula rito (kalupaan) sa Araw ng Muling Pagkabuhay bilang Pagbuhay na Mag-uli na walang pag-aalinlangang magaganap. At ginawa ng Allâh (ﷻ) para sa inyo ang kalupaan na palatag; upang kayo ay manirahan dito at ginawan Niya rin kayo ng mga malalawak na daanan.

21-25. Sinabi ni Nûh (عليه السلام): “*O Allâh* (ﷻ) *na aking* ‘*Rabb*’ *na Tagapaglikha! Katiyakan*, *ang aking sambayanan ay lubusang nagmalabis sa pamamagitan ng paglabag at di-paniniwala sa akin*, *at sinunod ng mga mahihina sa kanila ang mga namumuno na mga ligaw na walang nairagdag sa kanila sa kanilang kayamanan at mga anak kundi pagkaligaw dito sa daigdig at parusa sa Kabilang-Buhay*, *at nagpakana ng matinding pakana ang mga pinuno ng pagkaligaw sa kanilang mga*

tagasunod na mga mahihina, *at kanilang sinabi sa kanila*: '*Huwag ninyong iwan ang inyong pagsamba sa inyong mga diyus-diyusan tungo sa pagsamba sa Allâh na Nag-iisa*, *na iniaanyaya sa inyo ni Nûh*, *at huwag ninyong iwan si* '*Wadd*' *at gayundin si* '*Suwâ`*' *at gayundin si* '*Yaghûth*' *at si* '*Ya`ûq*' *at si* '*Nasr*.' Ito ang mga pangalan ng kanilang mga diyus-diyusan na kanilang sinamba bukod sa Allâh, na ito ay mga pangalan ng mga mababuting kalalakihan, nang sila ay namatay iniudyok ni Shaytân sa kanilang sambayanan na igawa sila ng mga rebulto; upang tumibay (daw) sila sa pagsamba ayon sa kanilang pag-aangkin – na sila ay tumitibay (daw) sa pagsunod kapag ang mga ito ay kanilang nakikita. Nang nawala na ang mga naunang tao at lumipas na ang matagal na panahon, at nagpalit na ng panibagong henerasyon, ay muling nag-udyok sa kanila si Shaytân sa pagsasabi na ang kanilang mga ninuno ay sinamba ang mga rebultong ito, na kung kaya, inanyuan nila ito at nagsimula na silang manalangin sa pamamagitan ng mga ito. Ito ang tunay na kadahilanan sa pagbabawal ng pagsagawa ng rebulto at pagtayo ng mga 'Musuleo' sa mga libingan; dahil sa katotohanan, sa paglipas ng panahon ay ito na ang nasasamba ng mga tao na kulang sa kaalaman. "*At katiyakan*, *iniligaw nila na mga pinuno ng pagkaligaw ang maraming mga tao dahil sa kanilang panlilinlang at pagpapaganda sa kanila ng mga daan ng pagkaligaw*, *na kung kaya*, '*O aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *walang nairagdag sa kanila na mga masasama para sa kanilang mga sarili dahil sa kanilang di-paniniwala at pagmamatigas kundi paglayo lamang sa katotohanan.*'"

At dahil sa kanilang kasalanan at pagpupumilit sa di-paniniwala at pagmamalabis ay nilunod sila sa pamamagitan ng delubyo (malaking baha), at sa Kabilang-Buhay kasunod ng ginawang pagkalunod sa kanila ay pagpapapasok sa kanila sa matinding Impiyernong-Apoy na naglalagablab at nanununog. At wala na silang matatagpuan pa bukod sa Allâh na tutulong sa kanila, o di kaya ay magliligtas sa kanila mula sa Kanyang kaparusahan.

26-28. At sinabi ni Nûh (عليه السلام) pagkatapos na mawalan na siya ng pag-asa mula sa kanyang sambayanan: "*O Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha! Nagsusumamo ako sa Iyo*, *na huwag Mo nang hayaan pang may matira na kahit na isa mula sa mga hindi naniwala sa Iyo*, *na mababuhay siya sa kalupaan na makakakilos pa siya rito. Katiyakan*, *kapag nagtira ka pa sa kanila na hindi sila mapupuksang lahat ay ililigaw nila ang Iyong mga alipin na naniwala na sa Iyo mula sa Daan ng Katotohanan*, *at wala nang magmumula sa kanilang lahi kundi lihis mula sa katotohanan at matindi sa di-paniniwala at paglabag sa Iyo.*

"*O Allâh* (ﷻ) *na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *patawarin Mo ako at ang aking mga magulang at ang sinumang pumasok sa aking tahanan na naniwala*, *at ang mga mananampalataya na mga kalalakihan at mga kababaihan na naniwala sa Iyo*, *at huwag Mo nang dagdagan ang mga walang pananampalataya kundi pagkawasak*, *pagkatalo rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.*"

سورة الجـــن 72

LXXII – Sûrat '*Al-Jinn*'

[**Kabanata** '***Al-Jinn***' – Ang mga '*Jinn*']

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-2. Sabihin mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ): "*Inihayag sa akin ng Allâh* (ﷻ) *na walang pag-aalinlangang may isang grupo ng mga* '*jinn*' *ang nakinig sa aking pagbabasa ng Qur'ân, at nang marinig nila ito ay sinabi nila sa kanilang sambayanan*:

'*Katiyakan, narinig namin ang kamangha-manghang Qur'ân sa pagiging magaling* (*o* '*eloquente*') *nito at sa pagiging malinaw nito, na nag-aanyaya tungo sa katotohanan at gabay, na kung kaya, pinaniwalaan namin ang Qur'ân na ito, at kailanman ay hindi kami magtatambal ng kahit na sinupaman sa pagsamba namin sa Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha!*

3. '*At katiyakang Siya, na napakataas ng Kamaharlikaan ng aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at Kanyang Kadakilaan, na kailanma'y hindi Siya nagkaroon ng asawa at kailanma'y hindi Siya nagkaroon ng anak.*

4. '*Katiyakan, siya na may kakulangan ng kaisipan mula sa amin – na siya ay si Iblees* ('*Shaytân*') *– ay nagsabi laban sa Allâh* (ﷻ) *ng salita na malayo sa katotohanan, sa pag-aangkin niya na nagkaroon ng asawa at anak ang Allâh.*

5. '*At katiyakan*, *iniisip namin na ang tao at ang* '*jinn*' *ay hindi magsisinungaling laban sa Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng paglalagay niya ng kahanay sa pagsamba sa Allâh sa pagsasabi niyang Siya ay mayroong asawa at anak*.

6. '*At katiyakan*, *mayroon sa mga kalalakihan mula sa mga tao ang humihingi ng proteksiyon sa mga kalalakihan mula sa* '*jinn*,' *gayong sa pamamagitan nito ay mas lalong nadaragdagan ng mga kalalakihang* '*jinn*' *ang paglabag ng mga kalalakihan na mula sa mga tao at paglampas sa hangganang itinakda ng Allâh* (ﷻ) *at sa kasiraan ng kaisipan.*'

Ang ganitong paghihingi ng kalinga sa iba bukod sa Allâh na tinutukoy ng Allâh (ﷻ) na ginagawa ng mga tao sa kapanahunan ng kamangmangan ay kabilang sa malaking '*Shirk*' na hindi pinatatawad ng Allâh (ﷻ) ang ganitong uri ng kasalanan maliban na lamang kung ang nakagawa nito ay nagsisi ng totoong pagsisisi (bago dumating sa kanya ang itinakdang kamatayan).

At ang talatang ito ay nagbibigay ng matinding babala sa sinumang tumutungo sa mga salamangkero, manghuhula at iba pang mga katulad nito.

7. '*At katiyakan*, *ang mga walang pananampalataya mula sa sangkatauhan ay ganoon din ang kanilang iniisip na tulad ninyo*, *O kayong mga* '*jinn*,' *na ang Allâh* (ﷻ) *ay hindi na magpapadala ng Sugo pagkatapos ng mahabang panahon.*

8. '*At katiyakan*, *kami na mga* '*jinn*' *ay humiling kami na marating namin ang kalangitan*; *upang marinig namin ang mga sinasabi ng mga naninirahan doon*, *subali't natagpuan namin ang kalangitan na punung-puno ng napakaraming anghel na binabantayan ito*, *na mayroon silang mga bulalakaw na nakasusunog na ipinambabato nila sa sinumang lalapit doon*.

9. '*At katiyakan*, *ginagawa namin noon na magtungo sa mga lugar sa kalangitan*; *upang makarinig kami ng mga balita roon*, *subali't ngayon ang sinumang magsikap na makarinig ng mga balita ay matatagpuan niya ang mga nakasusunog na bulalakaw na nakatambang sa kanya*, *na susunugin siya at papatayin*.'

Nandirito sa dalawang magkasunod na talatang ito ang pagpapawalang-saysay sa mga inaangkin ng mga salamangkero at manghuhula, na sila raw ay nagtataglay ng kaalaman hinggil sa mga bagay na di-nakikita, na nalilinlang nila ang mga mahihina ang kaisipan mula sa mga tao; dahil sa kanilang kasinungalingan at pag-iimbento ng mga kuwento.

10. '*At katiyakan*, *kami na mga* '*jinn*' *ay hindi namin alam*, *kung masama*[63] *ba ang nais na iparating sa mga naninirahan sa kalupaan o ang nais ba ng Allâh* (ﷻ) *sa kanila ay kabutihan at gabay?*

11. '*At kami sa katotohanan*, *ay mayroon sa amin ang mga mabubuti na mga matatakutin* (*sa Allâh* ﷻ), *at mayroon din sa amin na hindi gayon ang katangian na tulad ng mga walang pananampalataya at masasama*, *at kami ay iba't ibang grupo at iba't ibang mga sekta.*

12. '*At walang pag-aalinlangang natiyak na namin sa aming mga sarili na ang Allâh* (ﷻ) *ang Ganap na Makapangyarihan sa anuman na Kanyang nais sa amin*, *at katiyakang kami ay nasa ilalim ng Kanyang Kamay at Kapangyarihan*, *at kailanman ay hindi namin Siya matatakasan sa anuman na Kanyang nais sa amin kahit saan man kami naroroon*, *at kailanman ay hindi namin matatakasan ang Kanyang parusa mula sa kalupaan at hindi kami makaliligtas sa pamamagitan ng pagtakas tungo sa kalangitan*, *kung nais Niya ang parusa sa amin*.

13. '*At katiyakan*, *noong marinig namin ang Dakilang Qur'ân ay amin itong pinaniwalaan*, *tinanggap namin na ito ay katotohanan mula sa Allâh* (ﷻ), *na kung kaya*, *sinuman ang naniniwala sa Allâh* (ﷻ) *na kanyang* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay walang pag-aalinlangan na siya ay walang dapat na ipangamba na mababawasan ang kanyang kabutihan at dadayain siya upang maragdagan ang kanyang kasalanan*.

[63]Ito ang katibayan hinggil sa kakulangan sa kaalaman ng mga walang pananampalataya mula sa '*jinn*' na itinatangi nila ang kasamaan sa Allâh (ﷻ), gayong hindi ito katangian ng Allâh (ﷻ) na tulad ng sinabi ni Propeta Muhammad (ﷺ), na '*Ang kasamaan ay hindi maaaring itangi sa Iyo* (*Allâh* ﷻ).' Naitala sa Sahih Muslim 1:535.

14-15. '*At katiyakan*, *mayroon sa amin ang nagpapasailalim sa kagustuhan ng Allâh* (ﷻ) *sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya*, *at mayroon din sa amin ang mga masasama na sila ay lumihis sa Daan ng Katotohanan*, *na kung kaya*, *sinuman ang yumakap ng Islâm na ang ibig sabihin ay sumuko at nagpasailalim sa pagsunod sa Allâh* (ﷻ) *ay sila ang mga yaong tunay na naghangad ng Matuwid na Landas at Katotohanan*, *at nagsumikap sa pagpili nito*, *na kung kaya*, *ginabayan sila ng Allâh* (ﷻ) *tungo rito*,'" subali't ang mga masasama na lumihis sa Daan ng Islâm ay sila ang mga yaong panggatong ng Impiyernong-Apoy.

16-17. At katiyakan, kung ang mga walang pananampalataya na mga '*jinn*' at mga tao ay sumunod at naniwala lamang sa Daan ng Islâm, at hindi sila lumihis mula rito ay walang pag-aalinlangang ibababa Namin sa kanila ang masaganang tubig, at gagawin Naming maluwag para sa kanila ang pamumuhay dito sa daigdig; upang subukin Namin sila: kung paano sila tatanaw ng utang na loob sa mga biyaya ng Allâh (ﷻ) sa kanila. At sinuman ang tatalikod sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha at tatalikod sa pakikinig ng Qur'ân at pag-iintindi nito, at di-pagpapatupad nito ay papapasukin siya sa matindi at masidhing kaparusahan.

18. At katiyakan, ang mga '*Masjid*' ay para sa pagsamba sa Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi, na kung kaya, huwag kayong magsagawa rito ng pagsamba sa iba, at maging taimtim kayo sa panalangin at pagsamba ninyo sa Kanya; dahil walang pag-aalinlangan, ang mga '*Masjid*' ay hindi itinayo kundi upang sambahin doon ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi, na walang sinuman bukod sa Kanya. At dito sa talatang ito ang kautusan hinggil sa paglinis sa mga '*Masjid*' mula sa anumang bagay na dumurungis sa pagiging taimtim sa Allâh (ﷻ) at sa pagsunod sa Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ).

19. At katiyakan, nang tumayo si Muhammad (ﷺ) para sa pagsamba Niya sa Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, ay halos magkapatung-patong na maraming grupo sa ibabaw ng isa pagkatapos ng isa ang mga '*jinn*' dahil sa rami at tindi ng kanilang pagsisiksikan; upang mapakinggan ang Qur'ân mula sa kanya.

20. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga walang pananampalataya: "*Katiyakan*, *ang sinasamba ko lamang ay ang Allâh* (ﷻ) *na Bukod-Tangi na aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at hindi ako sumasamba sa kahit na sinuman na itatambal ko sa pagsamba sa Kanya*."

21-23. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ) sa kanila: "*Katiyakan*, *wala ako sa kakayahan na magsanhi sa inyo ng kapahamakan*, *at wala rin akong kakayahan na dalhin kayo sa Tamang Landas*." Sabihin mo: "*Katiyakan*, *kailanman ay hindi ako maililigtas ng sinuman mula sa parusa ng Allâh* (ﷻ) *kung Siya ay aking nilabag*, *at hindi ako makatatagpo bukod sa Kanya ng sinuman upang tunguhin kung ako ay tatakas mula sa Kanyang parusa. Ang kakayahan ko lamang ay iparating sa inyo mula sa Allâh* (ﷻ) *ang anuman na ipinag-utos Niya sa akin na iparating sa inyo at ang Kanyang mensahe na ipinag-utos Niya na iparating ko sa inyo. At sinuman ang lalabag sa Allâh* (ﷻ) *at sa Kanyang Sugo*, *at tatalikod sa* '*Deen*' *ng Allâh* (ﷻ), *walang pag-aalinlangang ang kanyang kabayaran ay Impiyernong-Apoy na kailanma'y hindi na siya makalalabas pa mula roon.*"

24. Hanggang kapag nakita na ng mga walang pananampalataya ang anuman na ipinangako sa kanila na kaparusahan ay katiyakang mababatid nila habang ito ay dumarating sa kanila: kung sino ang mas mahina ang kanyang tagatulong at mas kakaunti ang bilang ng kanyang sundalo.

25-28. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na mga walang pananampalataya: "*Hindi ko alam kung ang parusang ipinangako sa inyo ay malapit nang dumating o ginawa ng aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha na mahaba pa ang panahon ng pagdating nito? At Siya*, *luwalhati sa Kanya*, *ang Ganap na Nakaaalam sa anumang bagay na di-nakikita ng mga mata*, *na walang sinuman ang maaaring makapagpalitaw ng Kanyang inilihim mula sa Kanyang nilikha*."

Maliban sa sinumang pinili ng Allâh (ﷻ) para sa Kanyang mensahe na siya ay naging katanggap-tanggap sa Kanya, dahil walang pag-aalinlangang ipinapakita Niya sa kanila ang ilan sa mga lihim, at pagkatapos ay nagpapadala Siya sa harapan ng Kanyang Sugo mula sa Kanyang nilikha at sa kanilang likuran ng mga anghel upang sila ay pangalagaan mula sa mga '*jinn*;' upang hindi sila makapagnakaw ng mga balita at maibulong ito sa mga manghuhula; upang mapatunayan ng Sugong si Muhammad (ﷺ), na ang mga Sugo na nauna sa kanya ay katulad din niya sa

kalagayan sa pagpaparating ng katotohanan at pagiging totoo, at katiyakang siya ay pinangalagaan na tulad ng pangangalaga sa kanya mula sa mga '*jinn*,' at katiyakang ang Allâh (ﷻ), luwalhati sa Kanya at Kataas-Taasan, ay saklaw ng Kanyang kaalaman ang anuman na mayroon sila, lantad man ito o lihim na mga batas at mga alituntunin at iba pa, at wala Siyang anumang nakaliligtaan mula rito, at katiyakang ang Allâh (ﷻ) ay itinala Niya ang lahat ng bagay at walang anumang bagay ang nailililihim sa Kanya.

سورة الـــمـــزمل 73

LXXIII – Sûrat Al-Muzzammil

[**Kabanata Al-Muzzammil** – Ang Nagtalukbong ng Buong Katawan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-4. O ikaw Muhammad (ﷺ) na nagtalukbong ng buong katawan, tumayo ka at magsagawa ka ng '*Salâh*' sa gabi na wala kang ipagpapaliban maliban sa maikling bahagi lamang nito. Mag-'*Salâh*' ka nang kalahati ng gabi o di kaya ay bawasan mo ng kaunti ang kalahating ito hanggang sa ito ay maging ikatlong bahagi (1/3), o di kaya ay dagdagan mo ang kalahating ito hanggang sa ito ay maging dalawang bahagi ng tatlo (2/3), at bigkasin mo ang Dakilang Qur'ân nang marahan upang mapalitaw mo ang ganda ng bigkas ng mga titik nito at ang mga hinihintuan nitong salita habang ito ay binibigkas.

5. Katiyakan, ipapahayag Namin sa iyo, ang Dakilang Qur'ân na nagsasaad ng lahat ng ipinag-uutos at ipinagbabawal, at ang mga alituntunin ng batas.

6. Katiyakan, ang pagsamba na isinasagawa sa kalaliman ng gabi ay mas matindi ang idinudulot nitong tibay sa puso at para sa pag-uunawa at pagmumuni-muni sa mga kahulugan at higit na kaangkop-angkop para sa pagbibigkas sa mga salita; dahil mailalayo nito ang puso mula sa mga nakasasagabal dito na mga makamundo.

7. Katiyakan, para sa iyo sa araw ay gawain upang tugunan ang iyong pangangailangan, at mahabang panahon upang isagawa ang tungkulin sa iyong

mensahe, na kung kaya, bigyan mo ng pagkakataon ang iyong sarili sa gabi upang sambahin ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha.

8-9. At alalahanin mo, O Muhammad (ﷺ), ang Pangalan ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha at manawagan ka sa Kanya sa pamamagitan Nito, at ibukod-tangi mo ang kabuuan ng oras na ito sa pagtuon at sa pagsamba mo lamang sa Kanya, at ipaubaya mo ang iyong sarili sa Kanya. Siya ang '*Rabb*' na Nagmamay-ari ng silangan at kanluran, na walang sinuman ang '*ilâh*' – diyos na sinasamba o bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat na sambahin bukod sa Kanya, na kung kaya, ipaubaya mo ang iyong sarili sa Kanya at ipasa-Kanya mo na lamang ang lahat ng mga bagay-bagay hinggil sa iyo.

10. At maging matiisin ka, O Muhammad (ﷺ), sa anuman na sinasabi sa iyo ng mga walang pananampalataya at sinasabi hinggil sa iyong '*Deen*,' at salungatin mo sila sa kanilang mga maling gawain kalakip ang pagtalikod mo sa kanila sa maayos na kaparaanan at iwasan mo na ang paghihiganti sa kanila.

11. At pabayaan mo na Ako, O Muhammad (ﷺ), at sila na mga di-naniwala sa Aking mga talata na mga nagtatangan ng mararangya at maririwasang pamumuhay dito sa daigdig, at hayaan mo sila sa ganitong kalagayan dahil sa ito ay palugit na maikling panahon lamang bilang pag-aantala ng parusa hanggang sa dumating sa kanila ang nakatakda na naitala sa kasulatan na pagpaparusa.

12-13. Katiyakan, para sa kanila mula sa Amin sa Kabilang-Buhay ang mabigat na kadena na nakakadena sa kanila, at naglalagablab na Apoy na roon sila ay susunugin, at mabahong pagkain na bumabara sa mga lalamunan at hindi maatim (hindi matanggap), at parusa na napakasidhi.

14. Sa Araw na yayanig ang kalupaan at mga kabundukan nang napakasidhing pagkayanig hanggang sa ang mga kabundukan ay magiging parang nakatambak lamang na ibinuhos na mga buhangin na nakakalat, pagkatapos maging buo nito at matibay nito.

15-16. Katiyakan, ipinadala Namin sa inyo, O kayong mga taga-Makkah, si Muhammad (ﷺ) bilang Sugo na titestigo laban sa inyo sa anuman na ginawa ninyo na di-paniniwala at paglabag, na katulad din ng pagkapadala Namin kay Mousã (عليه السلام) tungo sa masamang tao na si Fir`âwn, subali't di-pinaniwalaan ni Fir`âwn si Mousã (عليه السلام) at hindi naniwala sa kanyang mensahe at nilabag ang kanyang utos, na kung kaya, pinuksa Namin sila nang matinding pagkapuksa. Nandirito sa kapahayagang ito

ang babala mula sa paglabag sa Sugo na si Muhammad (ﷺ); upang hindi mangyari sa sinumang lumabag ang katulad ng nangyari kay Fir`âwn at sa kanyang sambayanan.

17. Kung gayon, paano ninyo mapangangalagaan ang inyong mga sarili kung kayo ay di-naniwala sa kaparusahan na mangyayari sa Araw ng Muling Pagkabuhay na sa tindi nito ay mamumuti ang buhok ng mga batang sanggol; dahil sa kagimbal-gimbal na pangyayaring ito?

18. Ang kalangitan ay magkakabiyak-biyak sa Araw na yaon; sa tindi ng pangyayari, ang pangako ng Allâh (ﷻ) hinggil sa pagdating ng Araw na ito ay katiyakang magaganap na walang pag-aalinlangan.

19. Katiyakan, ang mga talatang ito na nakakikilabot na naglalaman ng mga babala at mga panakot ay bilang payo at aral sa sangkatauhan, na kung kaya, sinuman ang nagnanais na matuto at makinabang sa mga aral na ito ay hayaan niyang piliin ang pagsunod at pagkatakot sa Allâh (ﷻ), na ito ang kanyang tatahakin na daan, na samakatuwid magdadala sa kanya tungo sa pagmamahal ng Allâh (ﷻ) na kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha na Siyang lumikha at nagkalinga sa kanya.



20. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), ang Ganap na Nakaaalam na ikaw ay tumatayo sa kalaliman ng gabi upang maisagawa ang '*Tahajjud*,' na minsan ay halos dalawang bahagi ng tatlo (2/3) ng gabi, at minsan naman ay halos kalahati ng gabi, at minsan naman ay ikatlong bahagi (1/3) ng gabi. At sumasama sa pagsagawa mo nito ang ilan sa iyong grupo na mga tagasunod. At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Bukod-Tanging Tagasukat ng gabi at araw, at batid Niya ang bawa't sukat nito, at batid Niya kung ano ang nakalipas na at kung ano ang nananatili pa mula sa dalawang ito.

Batid ng Allâh (ﷻ) na hindi maaaring maisagawa ninyo nang buong magdamag ang pagsa-'*Salâh*,' na kung kaya, ito ay pinagaan sa inyo, kaya basahin ninyo sa inyong pagsa-'*Salâh*' sa gabi ang anuman na makayanan ninyong basahin mula sa Qur'ân, batid ng Allâh (ﷻ) na katiyakang mayroon sa inyo na hindi niya kaya ang mag-'*Salâh*' sa gabi dahil sa siya ay maysakit, at mayroon namang iba na naglalakbay sa kalupaan para sa pangangalakal at ibang gawain upang hangarin ang ipinahintulot (o legal) na kabuhayan mula sa Allâh (ﷻ), at ang iba naman sa inyo ay nagpupunyagi sa pakikipaglaban sa Daan ng Allâh; upang mangibabaw ang Kanyang Salita at maipalaganap ang Kanyang '*Deen*,' kaya bigkasin ninyo sa inyong pagsa-'*Salâh*' ang anuman na kaya ninyong bigkasin mula sa Qur'ân, at walang patid na ipagpatuloy ninyo na isagawa ang mga obligadong '*Salâh*' at ibigay ninyo ang '*Zakâh*' na obligadong kawanggawa mula sa inyo, at gumawa kayo ng iba't ibang uri ng kabutihan sa pamamagitan ng pagbibigay mula sa inyong kayamanan bilang pagmamagandang-loob; sa paghahangad na pakikipagharap ninyo sa Allâh (ﷻ), at ang anuman na ginawa ninyo na iba't ibang uri ng kawanggawa at kabutihan at mga pagsunod, ay matatagpuan ninyo ang gantimpala nito sa Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay na higit pa kaysa sa inyong nagawa sa daigdig at mas dakila sa gantimpala, at hingin ninyo ang kapatawaran ng Allâh (ﷻ) sa lahat ng pagkakataon.

Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang '***Ghafour***' – Ganap na Mapagpatawad sa inyo, na '***Raheem***' – Ganap na Mapagmahal at Napakamaawain sa inyo.

سورة الـــمـــدثر 74

LXXIV – Sûrat Al-Muddaththir

[**Kabanata Al-Muddaththir** – Ang Nagbalabal (o Nagtakip Ng Katawan)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-7. O ikaw Muhammad (ﷺ) na nagbalabal (o nagtakip ng buong katawan) sa pamamagitan ng iyong kasuotan! Tumayo ka mula sa iyong higaan at balaan mo ang mga tao mula sa parusa ng Allâh! At dakilain mo ang Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Bukod-Tangi na Nag-iisa at sambahin mo Siya sa Kanyang Kaisahan! At linisin mo ang iyong kasuotan mula sa mga maruruming bagay at manatili ka sa paglayo sa mga diyus-diyusan, mga santo at lahat ng gawain na may kinalaman sa pagsamba sa iba bukod sa Allâh at huwag na huwag mong lapitan ang mga ito! At huwag kang magbigay ng kahit na anumang bagay na ang hangarin ng iyong pamimigay ay may kapalit (na suklian o tumbasan) ito ng higit pa kaysa rito, at alang-alang sa pagmamahal ng Allâh na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay maging matiisin ka habang isinasagawa mo ang Kanyang mga ipinag-uutos at iniiwasan ang Kanyang mga ipinagbabawal.

8-10. At kapag hinipan na ang Trumpeta sa ikalawang pag-ihip nito upang buhayin at palabasin ang mga namatay mula sa kanilang mga libingan, walang pag-aalinlangang napakatindi ang hirap na mararanasan sa Araw na ito ng mga walang pananampalataya. At malayo sa pagiging madali na inaakalang mawawala sila kaagad sa anuman na kanilang kinaroroonang napakahirap na kalagayan at matatapos kaagad sa pakikipagkuwenta sa kanilang mga gawain at sa iba pang mga kagimbal-gimbal na mga pangyayari.

11-17. Hayaan mo na Ako, O Muhammad (ﷺ), Ako at siya na nilikha Ko sa sinapupunan ng kanyang ina na nag-iisa na wala siyang anumang yaman ni anak sa kanyang tabi noon, at pagkatapos ay pinagkalooban ko siya ng banayad at marangyang pamumuhay para sa kanya at mga anak na naging kasa-kasama niya kahit saan man siya naroroon sa Makkah na ang mga ito ay hindi humihiwalay sa kanya. At ginawa Kong madali para sa kanya ang daan ng pamumuhay, pagkatapos

ng lahat ng ito ay naghahangad pa rin siya na dagdagan Ko ang kanyang yaman at anak, gayong katiyakang hindi naman siya naniwala sa Akin.

Ang katotohanan ay hindi tulad ng inaangkin niya na masama at makasalanan, bagkus ay hindi Ko siya pagkakalooban ng karagdagan; dahil siya ay walang pag-aalinlangang nagmamatigas at tinatanggihan ang Qur'ân at ang mga katibayan ng Allâh (ﷻ) (sa Qur'ân na ito) para sa Kanyang mga nilikha. Sapilitan Ko siyang kakaladkarin sa matinding kaparusahan at sa kapaguran na wala na siyang kapahingahan pa. [Ang tinutukoy dito ay si Al-Walid Ibn Mughirah na tumanggi sa katotohanan at lantad ang kanyang pakikipaglaban sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo].



18-25. Katiyakan, siya ay nag-isip at nagbalak ng masama, at pinaghandaan niya ang kanyang sasabihin na paninira kay Muhammad (ﷺ) at sa Qur'ân, at siya ay nahirapan dahil sa sobrang kaiisip at kababalak ng kasamaan, at napiga (nadiin) at nadaig ang kanyang kaisipan, na kung kaya, sa ganitong kadahilanan ay karapat-dapat siya sa pagkawasak, samakatuwid paano niya pinaghandaan sa kanyang sarili ang ganitong pag-aalipusta?

At pagkatapos ay muli pa ring napiga at nadaig ang kanyang kaisipan dahil sa kaiisip at pagbabalak ng kasamaan at paghahanda kung paano aalipustaìn ang Qur'ân. Pagkatapos ay kumunot ang kanyang noo at tumindi ang pagkakunot nito at pagdilim ng kanyang mukha dahil sa inabot niyang matinding pag-iisip, at wala siyang natagpuan na gagamitin bilang pag-aalipusta sa Qur'ân; pagkatapos siya ay umatras bilang pagtalikod sa katotohanan, at nagmataas mula sa pag-amin, kaya sinabi (na lamang) niya hinggil sa Dakilang Qur'ân: "*Walang anumang sinasabi si Muhammad kundi salamangka na ginaya niya mula sa mga naunang tao*, *at ang Qur'ân na ito ay walang iba kundi salita ng mga tao na natutunan ni Muhammad sa kanila pagkatapos ay inangkin niyang ito ay nagmula sa Allâh*."

26-30. Walang pag-aalinlangan, ipapasok ko siya sa '*Saqar*' – Impiyerno – upang siya ay masunog sa pamamagitan ng init at apoy nito, at ano ba ang nagawa mong paraan para malaman mo kung ano ang '*Saqar*' o Impiyernong-Apoy na ito, na walang itinitira na kahit na ano kundi sinusunog nito ang bawa't laman at buto, at binabago nito ang kaanyuan ng balat at pinaiitim ito, na sinusunog at tinutuklap ito! At ang mga tagapangasiwa sa Impiyernong ito at kumukuntrol sa pagpaparusa sa mga nasa loob nito ay labinsiyam na mga anghel na mga matitindi.

31. At hindi Kami naglikha ng mga tagapagbantay ng Impiyerno kundi ng matitindi at mga mababalasik na mga anghel, at hindi Namin ginawa ang ganitong hustong bilang kundi upang subukin ang mga di-naniwala sa Allâh; at upang ang mga yaong

pinagkalooban ng Kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano ay umabot sa kapasiyahan na pagtitiyak na ang sinasabi ng Dakilang Qur'ân hinggil sa mga tagapangasiwa ng Impiyerno ay walang iba kundi katotohanan na mula sa Allâh (ﷻ), dahil ito ay sumang-ayon sa anumang nasa kanila na mga kasulatan; at mas lalong titibay at madaragdagan ang mga mananampalataya sa kanilang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at pagsagawa ng Kanyang batas; at upang walang maiwan na anumang pag-aalinlangan sa mga yaong pinagkalooban ng kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano, at gayundin sa mga mananampalataya na naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo; at upang masabi ng mga yaong may pagkukunwari sa kanilang mga puso at mga walang pananampalataya: "*Ano ba ang layunin ng Allâh sa ganitong kamangha-manghang bilang?*" At sa ganito na pagkabanggit na bilang ay inililigaw ng Allâh (ﷻ) ang sinumang nais Niyang iligaw at ginagabayan Niya ang sinumang nais Niyang gabayan, at walang nakaaalam ng bilang ng mga anghel ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na Kanyang nilikha kundi Siya lamang, ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi. At ang Impiyernong-Apoy ay walang iba kundi bilang paalaala at pagpapayo sa sangkatauhan.

32-37. Ang katotohanan ay hindi yaong tulad ng nabanggit na pagtanggi sa anumang dala-dala ng Sugo, sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng buwan, at sa gabi kapag ito ay naglaho, at sa umaga kapag ito ay lumiwanag na. Katiyakan, ang Impiyerno ay isa sa mga dakilang palatandaan; bilang babala at panakot sa mga tao, sa sinumang nagnais mula sa inyo na mapalapit sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga ipinag-uutos, o di kaya ay manatili sa pagtanggi sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga ipinagbabawal.

38-47. Ang bawa't tao ay mananagot sa bawa't kanyang ginawa, na ito ay nakatala sa Allâh (ﷻ) na kanyang makakamtan ang katumbas nito, at hindi siya makakawala hanggang hindi niya maisakatuparan ang anuman na nararapat na kabayaran sa kanyang ginawa at mga kaparusahan, maliban sa mga Muslim na mga taimtim ang kanilang mga layunin na sila ang mga taong nasa gawing Kanan na iniligtas nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagsunod, na sila ay nasa mga Hardin na hindi kayang arukin ang dakilang katangian nito, na tinatanong nila ang isa't isa hinggil sa mga walang pananampalataya na gumawa ng pang-aapi mismo sa karapatan ng kanilang mga sarili: "*Ano ba ang naging sanhi ng inyong pagpasok sa Impiyerno*, *na sinanhi na malasap ninyo ang init nito?*" Sasabihin ng mga masasama: "*Hindi kami kabilang sa mga yaong nagsasagawa ng pagsa-*'*Salâh*' *sa daigdig*, *at hindi kami nagbibigay ng kawanggawa at nagmamagandang-loob sa mga mahihirap at dukha*, *na kung kaya*, *kami ay nalulong sa pagkukuwentuhan ng mga walang kabuluhang bagay kasama sa mga nalinlang at naligaw*, *at kami ay hindi naniwala sa Araw ng Paghuhukom at Pagbabayad*, *hanggang sa dumating sa amin ang kamatayan na kami ay nasa ganoong pagkaligaw at kamalian*."



48. Na kung kaya, hindi na magiging kapaki-pakinabang para sa kanila ang pamamagitan ng lahat ng mga tagapagpamagitan na mga anghel, mga propeta at iba pa; dahil ang pamamagitan ay para lamang sa sinumang kinalugdan ng Allâh (ﷻ) at nagpahintulot na pamamagitanan siya.

49-51. Samakatuwid, ano ba ang nangyari sa kanila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, na kanilang nilayuan ang Qur'ân at ang anumang nakapaloob dito na mga aral?

Ang mga katulad nila ay parang maiilap na mga asno na matindi sa pagiging mailap nito, na tumakas mula sa mangangaso, o sa leon o sa mabangis na hayop na lumalapa ng mga laman.

52-53. Subali't naghahangad pa rin ang bawa't isa sa kanila, na sumasamba ng iba bukod sa Allâh, na magpahayag sa kanila ang Allâh (ﷻ) ng aklat na bukas na mga pahina mula sa kalangitan, na katulad ng ipinahayag kay Muhammad (ﷺ).

Ang katotohanan ay hindi ang yaong kanilang inangkin, sa halip ang katotohanan ay hindi talaga sila natatakot sa Kabilang-Buhay at hindi naniniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli at Pagbabayad.

54-56. Hindi ang kanilang inaangkin ang siyang katotohanan, kundi walang pag-aalinlangang ang Qur'ân ay naglalaman ng malalim na pagpapayo na sapat na upang sila ay pagpayuhan. Na kung kaya, sinuman ang magnanais ng pagpapayo ay alamin niya ang kung anuman ang nasa loob nito at sundin ang gabay nito, at walang sinuman ang makatatanggap ng payo mula rito maliban sa sinumang nais ng Allâh (ﷻ) na magabayan.

Siya, ang Allâh (ﷻ) ang Bukod-Tangi at Nag-iisang '*Ilâh*,' karapat-dapat na katakutan at sundin, at Siya lamang ang may karapatang magpatawad sa sinumang naniwala at sumunod sa Kanya.

سورة القـــيامة 75

LXXV – Sûrat Al-Qiyâmah

[**Kabanata Al-Qiyâmah** – Ang Pagkabuhay Na Mag-uli]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-4. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Araw ng Muling Pagkabuhay, at sumumpa rin Siya sa pamamagitan ng taong mananampalataya na natatakot na sinisisi niya ang kanyang sarili sa kanyang pagkukulang sa mga kabutihan at pagsagawa ng mga kasalanan. Iniisip ba ng isang taong walang pananampalataya na hindi Namin kayang ipuning muli ang kanyang buto pagkatapos magkadurug-durog nito at kumalat? Hindi ang kanyang inaakala ang katotohanan kundi walang pag-aalinlangan, kaya Naming buuin at pagsama-samahing muli sa pinakaangkop na ayos na pagkabuo, ang mga dulo ng mga daliri ng kanyang mga kamay at mga paa (o pagsasama-samahin ito na gawing isang daliri na lamang na tulad ng pinakadulo ng kuko ng paa ng kamelyo).

5-6. Subali't tinatanggihan ng tao ang Muling Pagkabuhay, na nais niyang manatili sa pagiging masama sa mga darating pang mga araw ng kanyang buhay, na tinatanong ng walang pananampalatayang ito bilang pagtanggi sa pagkagunaw ng daigdig: "*Kailan ba mangyayari ang Muling Pagkabuhay?*"

7-10. Samakatuwid, kapag naging malamlam na ang paningin at magugulat at mamamangha sa kagimbal-gimbal na pangyayari sa Araw ng Muling Pagkabuhay na nakikita, at mawawalan na ng liwanag ang buwan, at sabay nang sisikat ang araw at buwan mula sa kanluran na napakadilim, sasabihin ng tao sa oras na yaon: "*Saan ba maaaring makapagtago upang makatakas sa kagimbal-gimbal na parusang ito?*"

11-12. Ang katotohanan ay hindi ang yaong iyong inaasam-asam, O ikaw na tao, na paghingi ng mapagkukublihan, dahil wala nang mapagkukublihan at wala nang kaligtasan sa ngayon. Ang patutunguhan ng lahat ng mga nilikha sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay sa Allâh (ﷻ) lamang na Bukod-Tangi at doon sila mananatili, upang pagbayarin ang bawa't isa sa anuman na karapat-dapat na kabayaran para sa kanya.

13. Na ipababatid sa tao sa Araw na yaon ang lahat ng kanyang ginawa: mabuti man o masama, ang kanyang unang ginawa at ang kanyang huling ginawa sa kanyang buhay.

14-15. Walang pag-aalinlangan, ang tao ay magiging malinaw na saksi laban sa kanyang sarili sa anuman na kanyang ginawa o hindi ginawa, kahit ikatwiran pa niya ang lahat ng maaaring ikatwiran sa kanyang kasalanan ay hindi na ito magiging kapaki-pakinabang pa sa kanya.

16-19. Huwag mong igalaw ang iyong dila, O Muhammad (ﷺ), sa pagbigkas ng Qur'ân habang ito ay ipinapahayag sa iyo; dahil sa nais mong madaliin ang pagsaulo nito, na nangangamba ka na baka hindi mo ito maisaulo. Katiyakan, pagsasama-samahin Namin ito sa iyong kalooban, pagkatapos ay mabibigkas mo ito sa pamamagitan ng iyong dila kung kailan mo ito naisin. Na kung kaya, kapag binigkas ito sa iyo ng Aming Sugo na si (Anghel) Jibril (عليه السلام) ay makinig ka sa pagbibigkas niya at tumahimik ka para rito, pagkatapos ay saka mo bigkasin na katulad ng ginawa niya na pagkabigkas sa iyo, pagkatapos ay walang pag-aalinlangan, Kami ang maglilinaw sa anumang hindi mo naintindihan na mga kahulugan at mga alituntunin na itinuturo nito.

20-21. Ang katotohanan ay hindi ang inyong inaangkin, O kayong mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, na wala nang Pagkabuhay pa na Mag-uli at wala nang Pagbabayad, kundi ang katotohanan ay mga tao kayong nahuhumaling sa makamundo at sa kinang nito, at tinalikuran ninyo ang Kabilang-Buhay at ang anumang kasiyahan na naroroon.

22-23. Ang mga mukha ng mga masasayang tao sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay nagniningning at nagliliwanag sa kagalakan, na nakikita niya ang Tagapaglikha at Nagmamay-ari sa kanya, na siya ay lubos na naliligayahan sa pangyayaring ito.

24-25. At ang mga mukha ng mga nagdadalamhati sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay malulungkot at madidilim, na nag-aabang sa pagdating ng matinding kapinsalaan na mangyayari sa kanya, na nakababali ng kanyang mga gulugod sa likuran.

26-30. Katiyakan, kapag umabot na ang kaluluwa sa '*Balaghat*'[64] sa paglabas nito sa oras ng kamatayan, at sasabihin sa isa't isa ng mga nandoroon: "*Mayroon pa bang makagagamot at makapagpapagaling sa kanya sa kanyang katayuan sa ngayon?*" At doon matitiyak ng taong naghihingalo na ang nangyayaring ito sa kanya ay paglisan na sa daigdig na ito; dahil makikita na niya ang mga anghel ng kamatayan, at magpapang-abot na ang huling matinding pangyayari rito sa daigdig at ang unang matinding pangyayari sa Kabilang-Buhay, na sa Allâh (ﷻ) lamang patutungo ang mga alipin sa Araw ng Muling Pagkabuhay: na maaaring patungo sa '*Al-Jannah*' (Hardin) o maaaring patungo sa Impiyerno.

31-35. Na kung kaya, hindi naniwala ang walang pananampalataya sa Sugo at sa Qur'ân, at hindi na rin niya isinagawa nang alang-alang sa Allâh (ﷻ) ang mga obligadong '*Salah*' (Pagdarasal)! Bagkus ay tinanggihan niya ang Qur'ân at

[64] '*Ba-la-ghat*' (wikang '*Arabic*') – '*Collarbone*' sa wikang Inggles, '*Balagat*' sa wikang Tagalog.

tinalikuran niya ang paniniwala rito! Pagkatapos siya ay naglakad nang may pagmamayabang tungo sa kanyang pamilya na pinupuri niya ang kanyang sarili bilang pagmamataas. Kapighatian sa iyo ng tunay na kapighatian! At pagkatapos muli, kapighatian sa iyo ng tunay na kapighatian!

36-40. Iniisip ba ng taong hindi naniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli na siya ay pababayaan lamang nang walang pananagutan, na hindi siya sakop ng pag-uutos at pagbabawal, at hindi na siya huhukuman at hindi na siya paparusahan? Hindi ba nagmula lamang siya sa isang '*Nutfah*' na mahina, mula sa walang kahala-halagang lusaw na bagay, na lumalabas at pumapasok sa mga sinapupunan? Pagkatapos ito ay naging kasing tulad ng isang subo na malapot na dugo na pulang-pula (`*Alaqah*); pagkatapos ay hinubog siya ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan at hinugis Niya sa pinakamagandang hugis at sa pinakaangkop na kaanyuan. At pagkatapos ay ginawa ang taong ito na magkaparis: lalaki at saka babae. Hindi ba sa ganitong pamamaraan ng Allâh (ﷻ) na paglikha ng lahat ng mga bagay ay patibay sa Kanyang pagiging Ganap na Makapangyarihan na kaya Niyang ibalik ang anuman na Kanyang nilikha pagkatapos nilang mangawala? Oo nga! Walang pag-aalinlangan, Siya sa katotohanan ang tunay na Makapangyarihan na may kakayahan na gawin ito.

سورة الإنســـان 76

LXXVI – Sûrat Al-Insân o Ad-Dahr

[**Kabanata Al-Insân o Ad-Dahr** – Ang Tao o Ang Panahon]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Katotohanan, hindi ba dumating sa kasaysayan ng tao ang mahabang panahon bago inihinga sa kanya ang kaluluwa (na kung kaya, siya ay nagkaroon ng buhay), na siya ay wala pa ni anupaman at di-man lamang nababanggit ang hinggil sa kanya?

2-3. Katiyakan, nilikha Namin ang tao mula sa '*Nutfah*' – lusaw na bagay na pinagsama mula sa lalaki at sa babae, upang subukin Namin siya sa pamamagitan ng pag-uutos sa kanya ng mga alituntunin ng batas pagkatapos siyang likhain, at sa ganitong kadahilanan ay ginawan Namin siya ng pandinig at paningin; upang marinig niya ang mga talata at makita niya ang mga palatandaan.

Katiyakan, nilinaw Namin at ipinakita Namin sa kanya ang Daan ng Patnubay at Pagkaligaw, kabutihan at kasamaan: kung siya ba ay magiging mananampalataya na tatanaw ng utang na loob o siya ba ay magiging walang pananampalataya na ipagsasawalang-bahala niya ang mga biyaya na ipinagkaloob sa kanya.

4. Katiyakan, inihanda Namin para sa mga walang pananampalataya ang mga kadena na gawa sa bakal upang ikadena sa kanilang mga paa, at mga kadena na ipupulupot sa kanilang mga kamay tungo sa kanilang mga leeg, at Impiyernong-Apoy na rito sila ay susunugin.

5. Katiyakan, ang mga mananampalataya na mga dalisay ang kanilang mga layunin, na ipinatutupad nila ang karapatan ng Allâh (ﷻ) sa kanila, ay iinom sila sa Araw ng Muling Pagkabuhay mula sa kopita na nalalamnan ito ng alak na hinaluan ng pinakamabangong amoy na ito ay tubig na mula sa isang bukal ng '*Al-Jannah*' (Hardin) na tinatawag na '*Kâfur*.'



6-10. Itong inumin na hinaluan ng tubig sa ilog ng '*Kâfur*' ay bukal na umiinom mula rito ang mga alipin ng Allâh, na ginagawa nila rito ang anuman na kanilang nais, na ito ay patuloy na bumubukal nang masagana upang maging madali para sa kanila ang pakikinabang (sa bukal na) ito. Na tinutupad nila ang anumang inuubliga nila sa kanilang mga sarili na pagsunod sa Allâh (ﷻ) bilang pangako, at kinatatakutan nila ang parusa ng Allâh (ﷻ) sa Araw ng Muling Pagkabuhay na napakatindi ang idudulot na kapinsalaan ng mangyayari roon, at ang kaparusahan nito ay magiging laganap sa mga tao, maliban sa sinumang kinaawaan ng Allâh (ﷻ), at nagbibigay sila ng mga pagkain kahit na ito ay gustung-gusto pa nila sa kanilang mga sarili at kailangang-kailangan nila, sa mga mahihirap na hindi na nila kaya pang magtrabaho upang kumita, na wala silang anumang pagmamay-ari na kabuhayan; at sa sanggol na namatayan ng kanyang ama na wala siyang anumang yaman, at sa bihag na nabihag sa labanan ng mga walang pananampalataya at iba pa, at sinasabi nila sa kanilang mga sarili: "*Katiyakan*, *nagmamagandang-loob kami sa inyo na ang hangarin namin ay pagmamahal ng Allâh* (ﷻ) *at makamtan ang Kanyang gantimpala*, *na wala kaming anumang hinahangad na kapalit at hindi ninais na purihin at igalang ninyo*. *Katiyakan*, *kami ay natatakot sa Allâh* (ﷻ) *na aming* '*Rabb*' *na Tagapaglikha*, *sa Araw na magiging malungkot at gimbal na gimbal ang mga mukha ng mga tao mula sa pagkatakot dahil sa matinding pangyayari rito*."

11-14. Na kung kaya, iniligtas sila ng Allâh (ﷻ) mula sa tindi ng mga pangyayari sa Araw na yaon, at pinagkalooban sila ng liwanag ng kagandahan at liwanag sa kanilang mga mukha, at kasiyahan sa kanilang mga kalooban, at gagantimpalaan sila ng dakilang Hardin dahil sa kanilang pagtitiis sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) noong sila ay nasa daigdig pa, na sila ay kakain mula roon ng anuman na kanilang nais, at magsusuot sila ng mga kasuotan doon na gawa sa sutla ('*silk*'), at sila ay nakasandal sa kanilang pagkakaupo roon sa mga upuan na pinalamutian ng mga magagandang

burda at mga pantakip, na wala silang matatagpuan doon na anumang init ng araw ni tindi ng lamig, na malapit sa kanila ang mga puno ng Hardin na sila ay nilililiman ng mga sanga nito, na ginawang madali para sa kanila ang pagpitas ng mga bunga nito.

15-18. At umiikot sa kanila ang mga kabataan na tagapagsilbi na dala-dala nila ang mga lalagyan ng pagkain na gawa sa pilak at mga tasa ng inumin na gawa sa kristal, na kristal na naaaninag dahil sa kalinawan nito, na gawa sa pilak, na sinukat ng ganap na pagkasukat ng mga tagapagsilbi ng inumin ang anuman na naiibigan nilang inumin na walang labis at walang kulang, at paiinumin sila na mga mababuti sa '*Al-Jannah*' ng isang kopita na puno ng alak na hinaluan ng '*Zanzabîl*' ('*ginger*'), na umiinom sila mula sa bukal na ilog ng Hardin na pinangalanang '*Salsabîl*,' dahil sa linis at ligtas sa anumang idudulot nitong kapinsalaan at kapahamakan, na napakadaling inumin na mabango.

19. At umiikot sa kanila na mga mababuti upang sila ay pagsilbihan ng mga kabataan na nananatili ang kanilang kabataan magpasawalang-hanggan, na kapag nakita mo sila ay iisipin mo dahil sa ganda at linis ng kanilang mga kutis at liwanag ng kanilang mga mukha na sila ay parang nagkalat na mga perlas na kumikinang.

20. At kapag nakita mo ang anumang lugar sa '*Al-Jannah*' (Hardin) ay mamamalas mo ang kaligayahang hindi kayang ipaliwanag ang lubus-lubusang kagandahan nito, at napakadakila at napakalawak na kaharian na napakaganda na walang katapusan.

21. Nasa ibabaw nila at nagpapaganda ng kanilang mga katawan ang mga kasuotan na kulay berde na napakapino at makapal na sutla, na pinapalamutian sila ng mga pulseras na pilak, at pagkakalooban sila ng Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng higit pa sa ganoong kasiyahan na inumin na napakalinis na walang anumang dumi at bahid dungis.

22. At sasabihin sa kanila: "*Katiyakan*, *ito na ang ipinangako sa inyo bilang kapalit ng inyong mga mabuting gawa*, *at ang inyong naging gawain sa daigdig ay kalugud-lugod at katanggap-tanggap sa paningin ng Allâh* (ﷻ)."

23. Katiyakan, ibinaba Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang Kabanal-banalan na Qur'ân nang yugtu-yugto bilang makatotohanang pagpapahayag mula sa Amin; upang paalalahanan sila sa nakapaloob dito na pangako, babala, gantimpala at parusa.

24-25. Na kung kaya, pagtiisan mo, O Muhammad (ﷺ), ang pinagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang Kanyang pagtatakda at ito ay tanggapin mo, at gayundin ang Kanyang batas, at magpatuloy ka sa pagpapatupad nito, at huwag mong sundin ang sumasamba ng iba bukod sa Allâh na nagpakalulong sa kanilang masamang pagnanasa o sukdulang pagtanggi at pagkaligaw, at ipagpatuloy mo ang pag-alaala at pagpuri sa Pangalan ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, at panalangin sa Kanya sa umaga at hapon.

26. At mula sa bahagi ng gabi ay magpakumbaba ka sa pamamagitan ng pagpapatirapa at taimtim na mag-'*Salâh*' ka na para lamang sa Kanya, at magsagawa ka ng panggabi na '*Salâh*' sa kahabaan ng gabi – na tinatawag na '*Tahajjud.*'

27. Katiyakan, ang mga yaong sumasamba ng iba bukod sa Allâh ay mga gahaman sa makamundo na rito sila nalilibang at nasisiyahan, at pinabayaan nila at tinalikuran ang gawain para sa Kabilang-Buhay, na kung saan, nandoroon ang kanilang kaligtasan sa Araw na ang kapighatian ay napakasidhi.

28. Katiyakan, nilikha Namin sila, at pinatatag Namin ang pagkalikha sa kanila, at kung nanaisin Namin ay pupuksain Namin sila, at magpapalitaw Kami ng panibagong tao na higit pa ang pagkatakot sa Allâh (ﷻ) kaysa sa kanila.


الجزء الثلاثون
سورة المرسلات
وَمِنَ ٱلَّيۡلِ فَٱسۡجُدۡ لَهُۥ وَسَبِّحۡهُ لَيۡلٗا طَوِيلًا ٢٦ إِنَّ
هَٰٓؤُلَآءِ يُحِبُّونَ ٱلۡعَاجِلَةَ وَيَذَرُونَ وَرَآءَهُمۡ يَوۡمٗا ثَقِيلٗا ٢٧ نَّحۡنُ
خَلَقۡنَٰهُمۡ وَشَدَدۡنَآ أَسۡرَهُمۡۖ وَإِذَا شِئۡنَا بَدَّلۡنَآ أَمۡثَٰلَهُمۡ تَبۡدِيلًا
٢٨ إِنَّ هَٰذِهِۦ تَذۡكِرَةٞۖ فَمَن شَآءَ ٱتَّخَذَ إِلَىٰ رَبِّهِۦ سَبِيلٗا ٢٩
وَمَا تَشَآءُونَ إِلَّآ أَن يَشَآءَ ٱللَّهُۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلِيمًا حَكِيمٗا ٣٠
يُدۡخِلُ مَن يَشَآءُ فِي رَحۡمَتِهِۦۚ وَٱلظَّٰلِمِينَ أَعَدَّ لَهُمۡ عَذَابًا أَلِيمَۢا ٣١
سُورَةُ المُرۡسَلَاتِ
بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ
وَٱلۡمُرۡسَلَٰتِ عُرۡفٗا ١ فَٱلۡعَٰصِفَٰتِ عَصۡفٗا ٢ وَٱلنَّٰشِرَٰتِ نَشۡرٗا ٣
فَٱلۡفَٰرِقَٰتِ فَرۡقٗا ٤ فَٱلۡمُلۡقِيَٰتِ ذِكۡرًا ٥ عُذۡرًا أَوۡ نُذۡرًا ٦ إِنَّمَا
تُوعَدُونَ لَوَٰقِعٞ ٧ فَإِذَا ٱلنُّجُومُ طُمِسَتۡ ٨ وَإِذَا ٱلسَّمَآءُ فُرِجَتۡ
٩ وَإِذَا ٱلۡجِبَالُ نُسِفَتۡ ١٠ وَإِذَا ٱلرُّسُلُ أُقِّتَتۡ ١١ لِأَيِّ يَوۡمٍ أُجِّلَتۡ
١٢ لِيَوۡمِ ٱلۡفَصۡلِ ١٣ وَمَآ أَدۡرَىٰكَ مَا يَوۡمُ ٱلۡفَصۡلِ ١٤ وَيۡلٞ يَوۡمَئِذٖ
لِّلۡمُكَذِّبِينَ ١٥ أَلَمۡ نُهۡلِكِ ٱلۡأَوَّلِينَ ١٦ ثُمَّ نُتۡبِعُهُمُ ٱلۡأٓخِرِينَ
١٧ كَذَٰلِكَ نَفۡعَلُ بِٱلۡمُجۡرِمِينَ ١٨ وَيۡلٞ يَوۡمَئِذٖ لِّلۡمُكَذِّبِينَ ١٩

29-31. Katiyakan, ang mga kabanatang ito ng Dakilang Qur'ân ay bilang pagpapayo sa sangkatauhan, na kung kaya, sinuman ang nagnanais ng kabutihan sa kanyang sarili rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay ay hayaan niyang gawing Daan ang Tunay na Paniniwala at Pagkatakot sa Allâh (ﷻ) na maghahatid sa kanya tungo sa kapatawaran ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang pagmamahal. At ang anumang bagay na inyong nais ay nasa ilalim lahat ng pagtatakda ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang kagustuhan. Katiyakan, ang Allâh (ﷻ) ang ''***Aleem***' – Ganap na Nakaaalam sa katayuan ng Kanyang mga nilikha, na '***Hakeem***' – Ganap na Maalam sa Kanyang pangangasiwa at gawain. At ipinapapasok Niya sa Kanyang awa at pagmamahal ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin at sila ay yaong mga mananampalataya, at ang inihanda naman para sa mga masasama na lumampas sa hangganang itinakda ng Allâh (ﷻ) ay masidhing kaparusahan.

سورة الـــمرسلات 77

LXXVII – Sûrat Al-Mursalât

[**Kabanata Al-Mursalât** – Yaong Mga Ipinapadala
(Na Mga Hangin O Mga Anghel)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-7. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng mga hangin kapag ito ay umiihip nang tuluy-tuloy at nag-uunahan sa isa't isa, at sa pamamagitan ng mga hangin na matindi ang pagdaluyong na nakapipinsala at sa mga anghel na pinagkatiwalaan sa pagkalat ng mga ulap tungo sa kung saan nais ng Allâh (ﷻ). At sa mga anghel na bumababa mula sa Allâh (ﷻ) na dala-dala nila ang mensahe na naghihiwalay ng katotohanan sa kamalian, at ang ipinahintulot sa ipinagbawal, at sa mga anghel na tumatanggap ng mga kapahayagan mula sa Allâh (ﷻ) at ibinaba sa Kanyang mga Propeta; na ito ang padala ng Allâh (ﷻ) upang walang anumang ikakatwiran ang Kanyang mga nilikha at bilang babala mula sa Kanya para sa kanila; upang wala na silang anumang katibayan.

Katiyakan, ang anumang ipinangako sa inyo hinggil sa Kabilang-Buhay at anumang naroroon na paghuhukom at pagbabayad ay katiyakan na magaganap na walang pag-aalinlangan.

8-15. Kapag nawalan na ng liwanag ang mga bituin, at kapag nagkabiyak-biyak na ang kalangitan, at kapag nagliparan na ang mga kabundukan at kumalat nang parang alikabok na ikinalat ng hangin, at kapag itinakda na sa mga Sugo ang Oras upang hukuman ang pagitan nila at ang mga tao, na sa kanila sila ay ipinadala, sasabihin:

"*Gaano ba kadakila ang Araw na ito na kung saan inantala ang mga Sugo?*" Inantala hanggang dumating ang Araw ng Pagpasiya at Paghuhukom sa pagitan ng mga nilikha. At ano ang makapagpapabatid sa iyo, O ikaw na tao, kung ano ang Araw ng Paghuhukom na ito at kung gaano ang kagimbal-gimbal na mangyayari roon? Matinding kapighatian sa Araw na yaon sa mga di-naniwala sa ipinangakong Araw na ito!

16-18. Hindi ba pinuksa Namin ang mga naunang sambayanan; dahil sa kanilang di-paniniwala sa mga Sugo na tulad ng sambayanan ni Nûh, ni `Âd at ni Thamoud? Pagkatapos ay isusunod Namin ang mga huli pang dumating na mga sambayanan na

mga katulad din nila sa di-paniniwala at paglabag. Ang katulad nitong matinding pagpupuksa ay gagawin din Namin sa mga masasama mula sa mga walang pananampalataya na mga taga-Makkah; dahil sa kanilang di-paniniwala sa Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ). Ganito Kami makitungo sa mga kriminal at mga tumanggi sa katotohanan.

19. Kapighatian at pagkawasak sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa sinumang hindi naniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ), sa pagka-Propeta ni Propeta Muhammad (ﷺ), sa Muling Pagkabuhay at Paghuhukom!



20-23. Hindi ba nilikha Namin kayo, O kayong mga walang pananampalataya mula sa walang halaga na lusaw na bagay, na ito ay '*Nutfah*,' at pagkatapos inilagay Namin itong lusaw na bagay na ito sa matatag at ligtas na lugar, na ito ay sinapupunan ng kababaihan, hanggang sa dumating ang itinakdang oras na ito ay mabuo, na bukod-tanging ang Allâh (ﷻ) lamang ang Siyang Nakaaalam? At itinakda Namin ang paglikha nito, paghugis nito at pagluluwal nito, at Kami ang pinakamabuting Tagapagtakda.

24. Kapighatian at pagkawasak sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga hindi naniwala sa Aming kapangyarihan!

25-27. Di ba nilikha Namin ang kalupaang ito na kung saan sa ibabaw nito kayo ay namumuhay, na nagsasama-sama sa ibabaw nito ang lahat ng may buhay na hindi kayang bilangin, at gayundin sa ilalim nito ang mga walang buhay na hindi rin kayang bilangin, at naglagay Kami rito ng mga matatag at mga mataas na mga kabundukan; upang hindi kayo basta-bastang mayayanig nito, at pinainom Namin kayo sa tabang ng napakasarap na inumin?

28. Kapighatian at pagkawasak sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga yaong hindi naniwala sa mga biyayang ito!

29-33. Sasabihin sa mga walang pananampalataya sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "*Maglakad kayo tungo sa Impiyernong-Apoy na kinagawian ninyong hindi paniwalaan sa daigdig*, *na patuloy kayong maglakad! At magpalilim kayo sa usok ng Impiyernong-Apoy na nahahati sa tatlong bahagi*, *na hindi nakapagbibigay ng lilim upang magpaginhawa sa inyo mula sa init sa Araw na yaon*, *at hindi kayo aalisin sa init ng naglalagablab na apoy na ito*."

Katiyakan, ang Impiyerno ay mayroong ibinubugang malalaking apoy na ang bawa't tumitilapon mula rito na apoy ay kasinglaki ng malalaki at matataas na gusali, na ang

mga tilamsik ng Apoy na ito na nagliliparan o nagtatalsikan ay tulad ng mga kamelyo na mga maiitim na maladilaw ang kulay nito.

34. Kapighatian at pagkawasak sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa sinumang hindi naniwala sa babalang ito ng Allâh (ﷻ)!

35-36. Ito ang Araw ng Muling Pagkabuhay na kung saan doon ay hindi sila makapagbibigkas ng anumang salita na mapakikinabangan nila, at hindi rin sila pahihintulutan na magsalita upang mangatwiran dahil wala silang dapat na ikatwiran.

37. Kapighatian at kapahamakan sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga hindi naniwala sa pagdating ng Araw na ito at sa anumang mangyayari rito!

38-39. Ito ang Araw na huhukuman ng Allâh (ﷻ) ang pagitan ng Kanyang mga nilikha, at mananaig sa Araw na yaon ang katotohanan mula sa kamalian, na titipunin Namin kayo ritong lahat – O kayong mga hindi naniwala mula sa sambayanan na ito – kasama ang mga walang pananampalataya mula sa mga naunang sambayanan, at kung kayo ay mayroong pakana upang makaligtas mula sa parusang ito ay gawin ninyo, at iligtas ninyo ang inyong mga sarili mula sa galit at parusa ng Allâh (ﷻ)!

40. Kapighatian at kapahamakan sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa sinumang hindi naniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay na ito!

41-45. Katiyakan, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ang mga yaong natakot sa Allâh (ﷻ) na kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha noong sila ay nasa daigdig pa at kinatakutan nila ang Kanyang parusa kaya sinunod nila ang Kanyang mga ipinag-utos at iniwasan nila ang Kanyang mga ipinagbawal, na sila sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay nasa kalagitnaan ng mga lilim ng mga puno at mga ilog na umaagos, at masasaganang prutas na mula sa anuman na kanilang nais sa kanilang sarili na sila ay nagpapakasiya. Sasabihin sa kanila: "*Kumain na kayo ng masasarap na pagkain at uminom nang kaiga-igayang pag-inom*; *dahil sa inyong nagawa sa daigdig na mga mabubuting gawa*."

Katiyakan, Kami sa pamamagitan nitong dakilang gantimpala ay ginagantimpalaan Namin ang mga mabubuti sa kanilang mga gawain at sumunod sa Aming mga ipinag-utos. Kapighatian at kapahamakan sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga yaong hindi naniwala sa anumang kasiyahan sa '*Al-Jannah*' (Hardin)!

46. Sasabihin sa mga walang pananampalataya: "*Kumain na kayo mula sa anumang masasarap na pagkain na mayroon sa makamundong buhay*, *at magpakasaya na*

kayo sa mga pansamantalang pagnanasa rito nang maiksing panahon; *dahil kayo sa katotohanan ay mga masasama dahil sa inyong pagsamba ng iba bukod sa Allâh*."

47. Kapighatian at kapahamakan sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga yaong hindi naniwala sa Paghuhukom at Pagbabayad!

48. At kapag sinabi sa kanila na mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh: "*Magsagawa kayo ng* '*Salâh*' *nang alang-alang sa Allâh* (ﷻ) *at matakot kayo sa Kanya!*" Hindi sila matatakot at hindi sila magsasagawa ng '*Salâh*,' sa halip ay magpupumilit sila sa kanilang pagmamataas at pagmamatigas.

49-50. Kapighatian at kapahamakan sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga hindi naniwala sa mga talata ng Allâh (ﷻ)! Na kung kaya, ano pa bang Aklat at Salita pagkatapos ng Dakilang Qur'ân na malinaw na himala ang kanilang paniniwalaan kung hindi sila maniwala sa Dakilang Qur'ân?

سورة الـــنبإ 78

LXXVIII – Sûrat An-Naba`** [**Kabanata An-Naba` – Ang Balita]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-3. Hinggil ba sa ano ang itinatanong sa isa't isa ng mga walang pananampalataya na mga Quraysh? Nagtatanungan sila hinggil sa dakilang balita, na ito ay ang dakilang Qur'ân na nagsasaad ng hinggil sa Muling Pagkabuhay na pinagdududahan ng mga walang pananampalatayang mga Quraysh at hindi nila pinaniniwalaan.

4-5. Ang katotohanan ay hindi ang yaong inaangkin ng mga walang pananampalataya, kundi katiyakan, mababatid nila na mga walang pananampalataya ang bunga ng kanilang pagtanggi, at mapatutunayan nila kung ano ang gagawin ng Allâh sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay! Muli, katiyakang mapatutunayan nila ito, at mapatutunayan na katotohanan ang dala-dala ni Muhammad (ﷺ) na Qur'ân at ang hinggil sa Pagkabuhay na Mag-uli. At ito ay pagdidiin bilang matinding babala laban sa kanila.

6. Hindi ba ginawa Namin para sa inyo ang kalupaan na palatag na parang katulad ng higaan?

7. At ang mga kabundukan na nakatalusok; upang hindi yayanig para sa inyo ang kalupaan?

8. At nilikha Namin kayo na mga magkakaparis na lalaki at babae?

9. At ginawa Namin ang inyong pagtulog bilang pamamahinga ng inyong mga katawan, na dahil doon ay nagkakaroon kayo ng kapahingahan at kapanatagan?

10. At ginawa Namin ang gabi na katumbas ng kasuotan na sa pamamagitan nito ay tinatakpan kayo ng kadiliman nito at tinatalukbungan, na katulad ng pagtatakip ng damit kapag nakasuot ito?

11. At ginawa Namin ang araw para sa paghahanap ng inyong kabuhayan, na kayo ay kumakalat sa kalupaan upang makapaghanap-buhay at nagpupunyagi para sa ikabubuti ninyo?

12. At itinayo Namin sa ibabaw ninyo ang pitong kalangitan na matatag at buo ang pagkalikha at pagkasaayos nito, na hindi biyak-biyak at hindi hungkag o butas-butas?

13. At ginawa Namin (doon) ang araw bilang tanglaw na nagniningning at kumikinang ang liwanag nito?

14-16. At ibinaba Namin mula sa ulap ang tubig-ulan na bumubuhos nang masagana; upang sa pamamagitan nito ay sisibol ang butil na siyang pinagkukunan ng kabuhayan ng mga tao, at mga damuhan na kumakain mula rito ang inyong mga inaalagaang hayop, at mga hardin na malalago na kumpul-kumpol at maraming sanga?

17-18. Katiyakan, ang Araw ng Pagpapasiya sa pagitan ng mga nilikha, na ito ay Araw ng Muling Pagkabuhay, ay isang itinakdang bagay na pagtatagpo ng lahat mula sa kauna-unahan hanggang sa kahuli-hulihang tao, sa Araw na hihipan ng anghel ang trumpeta bilang umpisa ng pagbubuhay na mag-uli, na darating kayo nang dagsaan na iba't ibang mga nasyon na ang bawa't nasyon ay kasama nila ang kanilang pinuno.

19. At bubuksan ang kalangitan, na ito ay may mga pintuan na marami, na mula rito ay bumababa ang mga anghel.

20. At mawawala ang katatagan ng mga bundok, na ang mga ito ay maaalis mula sa mga kinalalagyan at magiging parang isang malikmata na lamang.

21-26. Katiyakan, ang Impiyernong-Apoy ay nakaabang sa mga walang pananampalataya dahil sa ito ay inihanda para sa kanila, na ito ang kanilang patutunguhan, at sila ay mananatili roon ng pagkahaba-habang panahon na walang patid at tuluy-tuloy na walang katapusan.

At hindi sila makatitikim doon ng anuman na magpapalamig o magpapaginhawa sa kanila mula sa init ng Impiyernong-Apoy, at walang anumang inumin ang ipaiinom sa kanila kundi mainit na tubig na sukdulan ang init nito at nana na nagmumula sa mga tao na nasa Impiyerno, at ito ay bilang kabayaran sa kanila na walang pag-aalinlangang makatarungang pagbabayad; na angkop lamang sa anuman na kanilang ginawa sa daigdig.

27-30. Dahil katiyakan, hindi sila natatakot sa Araw ng Pagtutuos, na kung kaya, hindi nila ito pinaghandaan, at tinanggihan nila ang anumang dala-dala ng mga Sugo bilang pagpapasinungaling, at batid Namin ang lahat ng bagay at ito ay Aming itinala sa '*Al-Lawh Al-Mahfoudh*,' (Talaan na Pinangalagaan) na kung kaya, lasapin ninyo, O kayong mga walang pananampalataya, ang kabayaran sa inyong mga ginawa, na wala Kaming mairagdag sa inyo kundi ang patuloy na parusa pagkatapos ng unang parusa.



31-35. Katiyakan, ang para sa mga yaong nagkaroon ng takot sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at gumawa ng kabutihan, ay tagumpay sa pamamagitan ng pagpapapasok sa kanila sa '*Al-Jannah*.' Na katiyakan, ang para sa kanila roon ay dakilang mga hardin at mga ubasan, at para (pa rin) sa kanila roon ay mga asawa na mga dilag na bagong sibol na pare-pareho ang edad, at para (pa rin) sa kanila roon ay kopita na punung-puno ng alak. Na wala silang maririnig sa '*Al-Jannah*' na anumang salita na walang kabuluhan, at hindi nila pasisinungalingan ang isa't isa.

36-39. Na para sa kanila ang lahat ng ito bilang gantimpala at kagandahang-loob mula sa Allâh (ﷻ) at masaganang pamamahagi na angkop na angkop sa kanila. Mula sa '*Rabb*' na Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan, at sa anumang nasa pagitan ng dalawang ito, na Siya ang Pinakamahabagin sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, na walang sinuman ang mangangahas na magsalita sa Kanya maliban sa kung ito ay Kanyang pahintulutan, sa Araw na tatayo si Jibril (عليه السلام) at ang mga anghel na nakahanay, na hindi sila maaaring mamagitan maliban sa kung sino ang pinahintulutan ng Allâh (ﷻ) na Pinakamahabagin na pamagitanan, at pawang katotohanan lamang ang sasabihin at kung ano ang karapat-dapat na sabihin. Iyan ang Tunay at Totoong Araw, na walang pag-aalinlangang darating, kung gayon, sino man ang nagnanais na mailigtas ang kanyang sarili sa kalagiman nito ay hayaan niyang tahakin ang daan patungo sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya sa makamundong buhay na ito; upang ito ang kanyang matagpuan sa Kanya.

40. Katiyakan, binalaan Namin kayo hinggil sa parusa na magaganap sa Araw ng Muling Pagkabuhay na napakalapit nang mangyari, na kung saan doon ay makikita ng bawa't isa ang anumang kanyang ginawa na mabuti o di kaya ay ang kanyang ginawa na kasamaan, at sasabihin ng walang pananampalataya dahil sa kagimbal-gimbal na pangyayari sa Araw ng Paghuhukom na ito: "*Sana ay naging alabok na lamang ako at hindi na ako binuhay pang mag-uli*."

سورة الـــنـــازعـــات 79

LXXIX – Sûrat An-Nâzi`ât

[**Kabanata An-Nâzi`ât** – Yaong Mga Humahablot (Ng Mga Kaluluwa)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-7. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng mga anghel na humahablot sa mga kaluluwa ng mga walang pananampalataya nang masidhing paghahablot sa oras ng kanilang kamatayan, at sa mga anghel na malumanay na may pag-iingat na kinukuha ang mga kaluluwa ng mga mananampalataya, at sa mga anghel na lumulutang (lumalangoy) habang sila ay bumababa mula sa kalangitan o umaakyat patungo roon, at kasunod kaagad nito ay sumumpa rin ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng mga anghel na nakikipag-unahan sa mga '*Shaytân*' sa pagdala ng kapahayagan tungo sa mga Propeta; upang ito ay hindi manakaw sa kanila, at pagkatapos kasunod kaagad din nito ang panunumpang muli ng Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng mga anghel na nagpapatupad sa utos ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha na ipinagkatiwala sa kanila na pangangasiwa sa Kanyang mga nilikha – at hindi maaaring manumpa ang sinumang nilikha sa ibang pangalan maliban sa Pangalan ng '*Rabb*' na Tagapaglikha, Allâh (ﷻ).

Na kung kaya, sinuman ang nakagawa nito ay nagkasala ng pagtatambal ('*shirk*') – samakatuwid, walang pag-aalinlangan, kayong lahat na mga nilikha ay bubuhayin na mag-uli at huhukuman, sa Araw na yayanig nang napakasidhi ang kalupaan at ang mga kabundukan sa unang pag-ihip ng '*Sur*' (trumpeta) upang sanhiin na mamatay ang lahat ng may buhay, at susundan ito ng pangalawang pag-ihip ng trumpeta upang buhayin naman na mag-uli ang mga namatay.

8-9. Ang mga puso ng mga walang pananampalataya sa Araw na yaon ay kakaba nang labis-labis dahil sa tindi ng pagkatakot, ang kanilang mga mata naman ay nakatungo na abang-aba dahil sa kagimbal-gimbal na nakikita nito.

10-12. Sasabihin nila na hindi naniwala sa Pagkabuhay na Mag-uli: "*Maibabalik pa ba kaming muli pagkatapos ng aming kamatayan tungo sa dati naming kalagayan na katulad nang kami ay nabubuhay sa kalupaan? At maibabalik pa ba kami samantalang ang aming mga buto ay nadurog na at naging alabok?*"

Sasabihin nila: "*Kung gayon*, *ang aming pagbabalik sa gayong kalagayan ay kapighatian at pagiging talunan!*"

13-14. Walang pag-aalinlangan, sa pamamagitan lamang ng isang pag-ihip ng trumpeta ay kaagad na matatagpuan nila ang kanilang mga sarili na mga buhay na nasa ibabaw ng kalupaan pagkatapos nilang manatili na mga patay sa ilalim nito.

15. May dumating ba sa iyo, O Muhammad (ﷺ), na kuwento hinggil kay Mousã (عليه السلام)?



16-19. Noong tinawag siya ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, doon sa dalisay at mabiyayang lambak ng Tuwâ, na sinabi sa kanya: "*Magtungo ka kay Fir`âwn, dahil walang pag-aalinlangan, lumampas na sa hangganan ang kanyang paghihimagsik.*" *At sabihin mo sa kanya*: '*Nagnanais ka pa ba na linisin ang iyong sarili mula sa mga kasalanan upang pasukin ang iyong puso ng tamang paniniwala, at ginagabayan kita tungo sa pagsunod sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha upang magkaroon ka ng takot sa Kanya at mapag-ingatan ang Kanyang kaparusahan?*'"

20-22. Ipinakita ni Mousã (عليه السلام) kay Fir`âwn ang dakilang palatandaan: ang tungkod at ang kamay, subali't pinasinungalingan ni Fir`âwn ang Propeta ng Allâh na si Mousã (عليه السلام), at nilabag niya ang kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, ang Allâh (سبحانه وتعالى) na Kataas-taasan, pagkatapos ay tumalikod na tinanggihan ang tamang paniniwala na siya ay nagsumigasig sa paglabag kay Mousã (عليه السلام).

23-26. At kaagad na tinipon niya ang mga tao sa kanyang kaharian at siya ay nanawagan sa kanila, at kanyang sinabi: "*Ako ang inyong* '*rabb*' *na kataas-taasan na wala nang hihigit pa kaysa sa akin*," na kung kaya, ginantihan siya ng Allâh (سبحانه وتعالى) ng kaparusahan mula sa Kanya rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at ginawa siya bilang aral at paalaala at babala sa mga katulad niya na naghimagsik. Katiyakan, si Fir`âwn at ang anumang nangyari sa kanya na parusa ay aral sa sinumang naghahangad ng pagpapayo at lumalayo sa anumang makapagpapahamak sa kanya.

27-33. Ang inyo bang pagkabuhay na mag-uli, O kayong mga tao, ay mas mahirap sa inyong paningin kaysa paglikha ng kalangitan? Na iniangat ito sa inyong itaas na katulad ng pagkakatayo ng matatag na gusali, na nakataas na bubong na nasa himpapawid na nilikha nang ganap na walang pagkakabaluktot at walang kapuwang-

puwang, at pinadilim Niya ang gabi nito sa pamamagitan ng paglubog ng araw, at pinalitaw naman Niya ang liwanag nito sa pamamagitan ng pagsikat ng araw.

At ang kalupaan pagkatapos ng pagkalikha ng kalangitan ay ginawa Niyang palatag, at iniimbak Niya roon ang anumang kapaki-pakinabang, at pinabubulwak Niya ang mga bukal ng tubig, at pinasisibol Niya ang anumang pananim na ipinakakain sa anumang alagang hayop, at itinalusok Niya sa ilalim nito ang mga kabundukan upang maging matatag at di-yumanig ang kalupaan. Nilikha Niya ang lahat ng mga biyayang ito upang maging kapakinabangan ninyo at ng inyong mga inaalagaang hayop. [Katiyakan, ang paglikha o pagbuhay na mag-uli sa inyong lahat sa Araw ng Muling Pagkabuhay kung tutuusin ay mas madali sa paningin ng Allâh (ﷻ) kaysa sa unang paglikha ng mga ito, subali't ang lahat ng ito ay napakadali sa paningin ng Allâh (ﷻ), pare-pareho na walang mahirap likhain.]

34-36. Subali't kapag dumating ang kagimbal-gimbal na pangyayari, na ito ay ang Araw ng Muling Pagkabuhay sa Ikalawang Pag-ihip, at doon ay maaalaala ng tao kung ano ang kanyang pinagpunyagian, ipapakita sa kanya ang lahat ng kanyang ginawa, mabuti man o masama, na ito ay kanyang mapagtatanto at aaminin, at ilalantad ang Impiyernong-Apoy na makikita ito nang harapan ng sinumang karapat-dapat na makakita nito.

37-39. Samakatuwid, sinuman ang naghimagsik laban sa kautusan ng Allâh (ﷻ), at mas ninais niya ang makamundong buhay kaysa sa Kabilang-Buhay, walang pag-aalinlangang ang kanyang patutunguhan ay Impiyernong-Apoy.

40-41. Subali't sa kanya na nagkaroon ng takot sa pakikipagharap sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha para sa paghuhukom, at pinigilan niya ang kanyang sarili sa lahat ng masamang pagnanasa, walang pag-aalinlangan, ang '*Al-Jannah*' (Hardin) ang kanyang magiging tahanan.

42-46. Tinatanong ka ng mga walang pananampalataya, O Muhammad (ﷺ) – bilang pagmamaliit – hinggil sa Oras ng pagdating ng pagkagunaw ng daigdig, na sila ay binabalaan mo hinggil sa bagay na ito. Wala sa iyo ang kahit na anumang kaalaman hinggil sa bagay na ito, bagkus ang kaalaman hinggil dito ay bukod-tanging nasa Allâh (ﷻ) lamang, at walang pag-aalinlangan, ang tungkulin mo lamang hinggil sa Oras ng pagkagunaw ng daigdig ay balaan ang sinumang natatakot hinggil dito, na sa Araw na makikita nila ang pagkagunaw ng daigdig na para bagang sila ay hindi nanatili sa buhay sa daigdig; dahil sa tindi ng Oras ng pagkagunaw ng daigdig na ito ay parang naging katulad lamang ng pagitan ng '*Dhuhr*' (tanghali) at '*Maghreb*' (paglubog ng araw) sa kanilang paningin, o di kaya ay sa pagitan ng pagsikat ng araw hanggang tanghaling tapat.

سورة عـــبـــس 80

LXXX – Sûrat `Abasa

[**Kabanata `Abasa** – Nagkunot ng Noo]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-2. Nakita ang pagkunot ng noo at pagbabago sa mukha ng Sugo ng Allâh (ﷺ) at pagtalikod mula sa bulag na si `Abdullah Ibn Ummi Makhtûm (ﷺ) na dumating sa kanya na humihingi ng gabay, habang ang Sugo ng Allâh (ﷺ) ay abala sa paghikayat ng mga matataas na Quraysh tungo sa Islâm.

3-4. At ano bang bagay ang makapag-papabatid sa iyo sa katotohanan hinggil sa kanya? Na maaaring siya sa kanyang pagtatanong ay maging dalisay ang kanyang sarili mula sa kasalanan, o di kaya ay magkaroon siya ng karagdagang aral at mga babala.

5-7. Subali't siya na hindi nangangailangan ng iyong gabay dahil iniisip niyang siya'y malaya dahil sa kanyang yaman at tinataglay na mataas na antas sa lipunan, siya ang mas pinagtuunan mo ng pansin at pinakikinggan ang kanyang sinasabi, ano baga ang halaga sa iyo kung hindi niya lilinisin ang kanyang sarili mula sa maling paniniwala?

8-16. At siya naman na nananabik sa pakikipagtagpo sa iyo, at natatakot sa Allâh (ﷻ) mula sa kakulangan niya sa mga patnubay, ay siya naman ang hindi mo pinagkaabalahan at mas binigyan mo ng pansin ang iba. Hindi nararapat na ganoon ang iyong ginawa, O Muhammad (ﷺ), katiyakan, ang kabanatang ito ng Dakilang

Qur'ân ay bilang pagpapayo sa iyo at sa lahat ng nagnais ng pagpapayo. Na kung kaya, sinuman ang nagnais ay purihin niya ang Allâh (ﷻ) at sumunod sa Kanyang kapahayagan. At itong kapahayagan na Kabanal-banalan na Qur'ân ay nasa mga dakilang talaan na napakataas ng antas at napakarangal na malinis mula sa anumang dungis ng pagdaragdag at pagbabawas, na nasa mga kamay ng mga anghel na tagasulat, na mga tagapagdala ng mensahe sa pagitan ng Allâh (ﷻ) at ng Kanyang nilikha, sila (mga anghel) ay kagalang-galang na nilikha, ang kanilang katangian at mga gawain ay pagiging masunurin at dalisay.

17-23. Isinumpa ang taong walang pananampalataya at pinarusahan, napakatindi ng kanyang paglabag sa Allâh (ﷻ) na Tagapaglikha! Hindi ba niya napagmasdan kung saang bagay siya nagmula noong una siyang nilikha ng Allâh (ﷻ)? Nilikha siya ng Allâh (ﷻ) mula sa isang patak na lusaw na bagay, na ito ay semilya, na kasunod noon ay itinakda ang mga yugto ng kanyang buhay at tamang sukat at hugis, pagkatapos ay ipinakita sa kanya ang daan ng mabuti at masama, pagkatapos ay sinanhi Niya na siya ay mamatay at ginawan siya ng lugar para kanyang paglilibingan, pagkatapos kapag ninais na ng Allâh (ﷻ) ay bubuhayin siya na mag-uli at ibabalik pagkatapos ng kamatayan para sa paghuhukom at pagbabayad.

Ang katotohanan ay hindi ang yaong sinabi at ginawa ng walang pananampalataya, dahil hindi niya isinagawa ang iniutos ng Allâh (ﷻ) sa kanya na tamang paniniwala at pagpapatupad ng pagsunod sa Kanya.

24-32. Pagmasdan ng tao: kung paano nilikha ang kanyang kinakain na ito ang bumubuhay sa kanya. Katiyakan, ibinuhos Namin sa kalupaan ang tubig nang tamang pagkabuhos nito, pagkatapos ay biniyak Namin ito upang sumibol mula rito ang iba't ibang pananim, at sa pamamagitan nito pinasibol Namin ang mga butil, at mga ubas, at mga damuhan para sa mga hayop, at mga '*zayton*' (oliba), at mga puno ng palmera ng datiles, at malalagong mga puno ng mga hardin, at mga bunga (o prutas) na iba't ibang uri at mga halamanan, at mga '*abb*' (mga '*herbs*' o damong-gamot at iba pa), upang kayo ay masiyahan sa mga biyayang ito, kayo at ang inyong mga alagang hayop.

33-37. At kapag dumating ang kagimbal-gimbal na ingay sa Araw ng Muling Pagkabuhay na mabibingi sa pamamagitan ng kagimbal-gimbal na ingay na ito ang lahat ng pandinig, sa Araw na tatakasan ng tao, dahil sa kalagim-lagim na pangyayari sa Araw na ito, ang kanyang kapatid, ang kanyang ina at ang kanyang ama, at ang kanyang asawa at ang kanyang mga anak. Bawa't isa sa kanila sa Araw na yaon ay sarili lamang niya ang kanyang pagtutuunan ng pansin at wala na siyang pakialam sa iba.

38-42. Ang mga mukha ng mga masasaya sa Araw na yaon ay mga maaliwalas na nagniningning sa matinding kasiyahan, at ang mga mukha naman ng mga nasa kapighatian ng Impiyerno ay mga madidilim at maiitim, na pinagtakluban ito ng kapighatian. Sila na ganito ang katangian ay sila ang mga yaong binalewala ang mga biyaya ng Allâh (ﷻ) at hindi pinaniwalaan ang Kanyang mga talata at naghimagsik sa pakikipaglaban sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagtanggi at pagsagawa ng sukdulang kasamaan.

سورة الــتكويــر 81

LXXXI – Sûrat At-Takwîr

[**Kabanata At-Takwîr** – Ang Pagpulupot]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-14. Kapag ang araw ay nag-*kuwwirat* – umikot nang papulupot hanggang sa ito ay kumuyumos at pagkatapos ay titilapon nang biglaan at mawalan na ito ng liwanag, at kapag ang mga bituin ay nagkandalaglagan at nawala na rin ang ningning nito, at kapag ang mga kabundukan ay pinagalaw na sa ibabaw ng kalupaan at parang alikabok na lamang na nagliliparan, at kapag ang mga babaeng kamelyo na mga buntis ay pinabayaan na lamang at hindi na pinag-ukulan ng pansin, at kapag ang mga iba't ibang mababangis na hayop ay nagsama-sama na at nagkahalu-halo; upang pagagantihin ng Allâh (ﷻ) ang isa sa isa, at kapag ang mga karagatan ay umapaw at pagkatapos ay sasabog at kakalat, at kapag pinagsama-sama na ang mga kaluluwa na magkakatulad (na ang kaluluwa ng mga mababuti ay magkakasama at ganoon din ang mga masasama ay magkakasama rin), at kapag ang batang babaing sanggol na inilibing nang buhay ay tatanungin sa Araw ng Muling Pagkabuhay ng tanong bilang pagpapagaan ng kalooban, at bilang pagsindak sa sinumang naglibing sa kanya: kung ano ba ang kasalanan niya at bakit siya inilibing nang buhay, at kapag ilalantad na ang mga talaan ng gawain, at kapag ang kalangitan ay aalisin na at tatanggalin na sa kinaroroonan nito, at kapag ang Impiyernong-Apoy ay sinilaban na at pagliliyabin, at kapag ang '*Al-Jannah*' (Hardin) na tahanan ng kasiyahan ay ilalapit na sa mga maninirahan dito na mga matatakutin sa Allâh, at kapag ito ay nangyari, matitiyak na

at matatagpuan na ng bawa't tao kung ano ang bunga ng kanyang nagawa, mabuti man ito o masama.

15-21. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng mga bituin na nakatago ang liwanag nito sa araw ('*day*'), at sa mga planeta na nakalutang na itinatago ang mga sarili nito sa mga nililigiran nito, at sa pamamagitan ng gabi habang dumarating ang dilim nito, at ang umaga kapag lumitaw na ang liwanag nito, katotohanan, ang Qur'ân ay ipinaparating ng kagalang-galang na Sugo – na siya ay si Anghel Jibril (عليه السلام) – na nagtatangan ng lakas sa pagpapatupad ng anumang ipinag-utos sa kanya, na nagtataglay ng mataas na antas sa Allâh (ﷻ) na Siyang '*Rabb*' ng ``*Arsh*' [ang Trono ng Allâh na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan], na siya (Jibril) ay sinusunod ng mga anghel, na ipinagkatiwala sa kanya ang kapahayagan na siya ay bumababa na dala-dala ito.

22-25. At si Muhammad (ﷺ) na kilala ninyo ay hindi siya nasisiraan ng bait, at katiyakan, nakita ni Muhammad si Anghel Jibril na dala-dala sa kanya ang mensahe, na siya ay nasa dakilang kalawakan ['*Ufuq*' ('*Horizon*') – Abot-Tanaw na nasa dakong silangan], na siya ay hindi nagmamaramot sa pagpaparating ng kapahayagan, at ang Qur'ân na ito ay hindi salita ng isinumpang '*Shaytân*' na inilayo mula sa Awa ng Allâh, kundi ito ay Salita ng Allâh (ﷻ) at Kanyang kapahayagan.

26-29. Kung gayon, saan na ba nakarating ang inyong kaisipan sa pagpapasinungaling sa Qur'ân pagkatapos nitong mga matitibay na mga katibayan? Ito ay walang iba kundi aral mula sa Allâh (ﷻ) sa lahat ng sangkatauhan sa sinumang nagnanais mula sa inyo na magpakatuwid sa katotohanan at tamang paniniwala, at ang anuman na nanaisin ninyo na pagpapakatuwid ay hindi kayo magkakaroon ng kakayahan para rito, kung ito ay hindi gugustuhin ng Allâh (ﷻ) na '*Rabb*' na Tagapaglikha ng lahat ng nilalang.

سورة الانفـــطار 82

LXXXII – Sûrat Al-Infitâr

[**Kabanata Al-Infitâr** – Ang Pagkakasambulat (o Pagkakawasak Ng Mga Kalangitan)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-5. Kapag sumambulat at nagkawasak-wasak na ang kalangitan at nasira na ang sistema nito, at kapag nagbagsakan na ang mga bituin, at kapag ang mga karagatan ay nag-umapaw na at sumabog at kumalat na, at kapag ang mga libingan ay ibinaligtad na at binuhay nang mag-uli ang sinumang nandoroon, sa pagkakataong yaon ay mababatid ng lahat ng tao ang lahat ng kanilang ginawa, mula sa kauna-unahan hanggang sa kahuli-hulihang nagawa, at sila ay papagbabayarin para rito

6-8. O ikaw na tao, na hindi naniwala sa Muling Pagkabuhay, ano baga ang nakalinlang sa iyo, upang masamba mo ang iba bukod sa Allâh, na ito ang ipinantay mo sa Allâh (ﷻ) na Siyang Lumikha sa iyo, na Mapagbigay ng masagana, na karapat-dapat na pasalamatan at sundin? Na Siyang lumikha sa iyo, at ginawa Niyang ganap at matuwid ang pagkalikha sa iyo, at binuo ka Niya upang maisakatuparan mo ang iyong tungkulin, at sa anumang hugis na Kanyang ninais ay hinubog ka Niya.

9-12. Ang katotohanan ay hindi ang yaong sinasabi ninyo, na kayo sa pagsamba ninyo ng iba bukod sa Allâh ay nasa tamang katwiran, kundi kayo ay hindi naniniwala sa Araw ng Paghuhukom at Pagbabayad. Subali't walang pag-aalinlangan, may mga anghel na nasa inyo na nagmamanman na kagalang-galang sa

paningin ng Allâh (ﷻ) na tagasulat sa anumang ipinagkatiwala sa kanila upang itala ang mga ito sa talaan, at wala silang anumang nakaliligtaan sa anuman na inyong gawain at sa anuman na inyong inilihim, batid nila kung anuman ang inyong ginagawa mabuti man ito o masama.

13. Katiyakan, ang mga nagpapatupad ng karapatan ng Allâh (ﷻ) at karapatan ng Kanyang mga nilikha ang siyang nasa tunay na kasiyahan.

14-16. At katiyakan, ang mga masasama na sila ang mga yaong nagkulang sa kanilang pagpapatupad sa karapatan ng Allâh (ﷻ) at karapatan ng Kanyang mga alipin ang siyang nasa Impiyernong-Apoy, na sinusunog sila ng lagablab nito sa Araw ng Pagbabayad, at kailanman ay hindi sila maaaring lumiban mula sa parusa sa Impiyernong-Apoy, at hindi sila makakawala rito, at hindi rin sila mamamatay.

17-19. At ano ba ang makapagpapabatid sa iyo hinggil sa kadakilaan ng Araw ng Paghuhukom, at muli, ano ba ang makapagpapabatid sa iyo hinggil sa kadakilaan ng Araw ng Paghuhukom? Sa Araw ng Paghuhukom ay wala nang magagawa ang sinuman para sa kapakinabangan ng sinuman, at ang Pangunguntrol sa Araw na yaon ay Pagmamay-ari lamang ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi na hindi nagagapi ng kahit na sino, at hindi mapipigil at hindi madaraig ng sinuman.

سورة الـــمطـــففين 83

LXXXIII – Sûrat Al-Mutaffifîn [**Kabanata Al-Mutaffifîn** – Ang Mga Mandaraya]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-6. Matinding parusa at kapighatian sa mga yaong nandaraya sa sukat at timbang, na mga yaong, kapag sila ay bumili sa mga tao ng bagay na sinusukat o di kaya ay tinitimbang ay hinihingi para sa kanilang mga sarili bilang karapatan ang hustong timbang, at kapag sila naman ang nagbenta sa mga tao ng bagay na sinusukat o di kaya ay tinitimbang ay binabawasan nila ang sukat at timbang nito, na kung kaya, paano pa kaya ang katayuan ng isang nangangamkam sa karapatan ng iba?

Katiyakan, mas higit ito na karapat-dapat sa ibinababala ng Allâh (ﷻ) na parusa kaysa sa nandaraya lamang sa timbang at sukat. Hindi ba iniisip ng mga nandarayang ito na ang Allâh (ﷻ) ay walang pag-aalinlangan na bubuhayin sila na mag-uli at huhukuman sa anuman na kanilang mga nagawa sa Araw na napakatindi ang kalagiman nito? Sa Araw na tatayo ang mga tao sa harapan ng Allâh (ﷻ), na sila ay huhukuman, sa kaunti man o marami, at sila ay nasa ilalim ng pangunguntrol ng Allâh (ﷻ) na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilikha.



7-9. Katiyakan, hindi ang inyong inaakala hinggil sa mga nandaraya ng sukat at timbang, na ito ay hindi mabigat na pananagutan, na kung kaya, magsitigil na kayo sa pagsasagawa nito. Katotohanan, ang patutunguhan ng masasama ay '*Sijjin*' na isang lugar na napakasikip, at paano mababatid ang pagiging masikip nito? Ito ay nasa Aklat na iniukit ang pagkakasulat na katulad ng numerong itinatak sa kasuotan na hindi na makalilimutan at hindi na mababura pa.

10-17. Masidhing kaparusahan sa Araw na yaon sa mga walang pananampalataya, na hindi nila pinaniniwalaan ang pagdating ng Araw ng Pagbabayad, at walang sinuman ang hindi naniniwala rito kundi lahat ng masasama na napakaraming kasalanan, na kapag binigkas sa kanya ang mga talata ng Qur'ân, kanyang sasabihin: "*Ito ay mga haka-haka ng mga naunang tao*." Ang katotohanan ay hindi ang yaong kanilang inangkin, kundi bagkus ito ay Salita ng Allâh (ﷻ) at Kanyang kapahayagan sa Kanyang Propeta, at ang tunay na nakapagtakip sa kanilang mga puso sa di paniniwala ay ang nakabalot dito na kaitiman na siyang nagpaitim ng kanilang budhi dahil sa rami ng kanilang mga nagawang kasalanan.

Hindi ang inangkin ng mga walang pananampalataya ang siyang katotohanan, kundi walang pag-aalinlangan, sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay lalagyan ng harang sa kanilang harapan upang hindi nila makita ang Allâh (ﷻ) na lumikha sa kanila. Pagkatapos sila ay papapasukin sa Impiyernong-Apoy na malalasap nila ang lagablab nito. Pagkatapos sasabihin sa kanila, "*Iyan ang kabayaran ng inyong kinaugalian na pagtanggi*."

18-21. Katotohanan, hindi ang kanilang inaakala na ang Qur'ân ay ginaya lamang mula sa mga naunang tao. Walang pag-aalinlangan, ang mga talaan ng mabubuti ay nasa mataas na antas ng '*Al-Jannah*.' At ano ang makapagpapabatid sa iyo, O

Muhammad (ﷺ), kung ano ang mataas na antas na ito? Ang Aklat ng mga mabubuti na ang pagkakasulat ay iniukit na katulad ng numerong itinatak sa kasuotan na hindi na makalilimutan at hindi na mababura pa, na ito ay nababasa ng mga malalapit sa Allâh na mga anghel sa bawa't kalangitan.

22-28. Katiyakan, ang mga matatapat at ang mga masunurin ay nasa kasiyahan sa '*Al-Jannah*,' na sila ay nasa kanilang mga trono, na nakatingin sila sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at nakatingin sila sa anumang inihanda sa kanila na kalugud-lugod na bagay na tulad ng kaharian at iba pa, na makikita sa kanilang mga mukha ang liwanag ng kaligayahan, na pinaiinom sila ng malinis na alak na nakasara o nakaselyado sa pinagkalagyan nito, na ang pinakaalak nito ay napakabangong amoy na tulad ng '*musk*,' at dito sa ganitong walang-hanggang kaligayahan ay nararapat na makipag-unahan ang sinuman na nagnanais na manguna. At ang inuming ito ay nahahaluan ng sangkap mula sa bukal sa '*Al-Jannah*' na nakikilala dahil sa taas ng antas nito sa pangalang '*Tasnîm*,' na isang bukal na inihanda; upang makainom dito ang mga malalapit sa Allâh at malalasap ang tunay na sarap nito.

29-34. Walang pag-aalinlangan, yaong mga makasalanan, na kung saan, noong sila ay nasa daigdig pa, minamaliit nila ang mga mananampalataya, at kapag sila ay napadaan sa kanila na mga mananampalataya ay nagbubulung-bulungan sila na may panlalait sa kanila. At kapag nakabalik itong mga makasalanan sa kanilang mga pamilya at mga kamag-anak ay nagbibiruan sila bilang panlalait sa mga mananampalataya. At kapag nakita nila na mga walang pananampalataya ang mga tagasunod ni Propeta Muhammad, na sa katunayan, sila ang tunay na sumunod sa patnubay, kanilang sasabihin: "*Katiyakan*, *sila ang mga ligaw dahil sa pagsunod nila kay Muhammad*," gayong hindi naman ipinadala ng Allâh (ﷻ) ang mga makasalanang yaon upang magmanman sa mga tagasunod ni Propeta Muhammad. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay mamaliitin ng mga naniwala sa Allâh, sa Kanyang Sugo at sumunod sa Kanyang batas ang mga walang pananampalataya na katulad ng kanilang ginawang panlalait sa kanila sa daigdig.

35-36. Nasa mga matataas na uri ng trono, nakaupo ang mga mananam-palataya na kanilang pinagmamasdan ang anumang ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanila na karangalan, kaligayahan, biyaya sa '*Al-Jannah*,' at mas higit pang dakila kaysa rito ang kanilang pagtingin sa Dakilang Mukha ng Allâh (ﷻ). Na kung kaya, hindi ba pinagbayad lamang ang mga walang pananampalataya – kung ganito ang ginawa sa kanila – nang ganap at sapat na pagbabayad sa anuman na kanilang ginawa sa daigdig na mga kasamaan at mga kasalanan?

سورة الانشقاق 84

LXXXIV – Sûrat Al-Inshiqâq

[**Kabanata Al-Inshiqâq** – Ang Pagkakabiyak-biyak]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-5. Kapag ang kalangitan ay nagkabiyak-biyak na, nagkahiwa-hiwalay dahil sa matinding pagkaulat sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at nakinig ito at sumunod sa Allâh (ﷻ) na '*Rabb*' nito na Tagapaglikha sa anumang pagkakautos rito na pagkakabiyak-biyak, at nararapat lamang na ito ay sumunod sa Kanyang kagustuhan. At kapag ang kalupaan ay pinalatag na at pinalawak (na magiging patag na ang lahat ng ito), at nagkadurug-durog na ang mga kabundukan sa Araw na yaon, at iniluwa nito (kalupaan) ang anuman na nasa ilalim nito na mga patay at binalewala na sila, at sumunod na ito (kalupaan) sa ipinag-utos dito ng Kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na nararapat lamang na ito ay sumunod sa Kanyang kagustuhan.

6. O ikaw na tao! Walang pag-aalinlangan, ikaw ay bumabalik patungo sa Allâh (ﷻ) na kasama ang iyong mga gawa at pagkilos, mabuti man ito o masama, isang katiyakang pagbabalik, na kung saan makatatagpo mo ang Allâh (ﷻ) sa Araw na yaon, ang Araw ng Muling Pagkabuhay, na kung kaya, huwag mong isipin na mawawala ang kabayaran mula sa Kanya bilang kagandahang-loob o katarungan.

7-9. Na kung kaya, ang para sa kanya na ibinigay ang kanyang Talaan ng gawain sa pamamagitan ng kanyang kanang kamay, na siya ay naniniwala sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, ay walang pag-aalinlangang siya ay huhukuman nang magaan na paghuhukom, at siya ay babalik sa kanyang pamilya sa '*Al-Jannah*' nang masaya.

10-15. At sino naman na ipagkakaloob sa kanya ang Talaan ng kanyang gawain sa kanyang likuran, na siya ay hindi naniwala sa Allâh, walang pag-aalinlangang ang para sa kanya ay pagkahamak at pagkawasak, at siya ay papapasukin sa Impiyernong-Apoy na malalasap niya ang lagablab nito. Dahil walang pag-aalinlangan, noong siya ay nasa daigdig pa ay nagpakalulong siya sa kasiyahan kasama ang kanyang pamilya at napakayabang! Na hindi niya iniisip ang kanyang patutunguhan, na inaakala niyang hindi na siya magbabalik pa sa Allâh (ﷻ) na Tagapaglikha na Siyang muling bumuhay sa kanya para sa paghuhukom.

Walang pag-aalinlangan, siya ay ibabalik ng Allâh (ﷻ) na katulad ng pagkakalikha sa kanya sa una at papagbabayarin siya sa kanyang mga nagawa. Hindi ang kanyang inaakala ang katotohanan, kundi katiyakan, ang kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha ang Ganap na Nakakakita at Nakababatid sa kanyang naging kalagayan mula sa araw na siya ay nilikha hanggang sa siya ay bubuhayin na mag-uli.

16-19. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pamumula ng kalawakan sa oras ng paglubog ng araw, at sa pamamagitan ng gabi at sa anumang nagsasama-sama sa kadiliman nito na mga gumagapang, mga insekto, mga nagsisiliparan at iba pa, at sa pamamagitan ng buwan kapag nabuo ang liwanag sa kabilugan nito, walang pag-aalinlangan, kayo ay naglalakbay, O kayong mga tao, patungo sa iba't ibang yugto ng buhay at iba't ibang kalagayan: mula sa '*Nutfah*,' tungo sa '`*Alaqah*,' tungo sa '*Mudhghah*,' tungo sa pag-ihip o paglalagay ng kaluluwa sa iyong katawan, tungo sa kamatayan, tungo sa pagkabuhay na mag-uli at pagbabalik.

At hindi maaari sa sinumang nilikha ng Allâh na manunumpa maliban sa pamamagitan lamang ng Pangalan ng Allâh (ﷻ), at kung ito ay kanyang lalabagin, nagkasala siya kung gayon ng kasalanang '*Shirk*' – pagtatambal o pagsamba ng iba bukod sa Allâh.

20-25. Samakatuwid, ano pa ba ang pumipigil sa kanila mula sa paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Muling Pagkabuhay pagkatapos linawin sa kanila ang mga talatang ito? At bakit sila, kapag binigkas sa kanila ang Kabanal-banalan na Qur'ân ay hindi sila nagpapatirapa sa Allâh (ﷻ) at hindi nila tinatanggap ang anumang nasa loob nito? Katiyakan, ang pag-uugali ng mga walang pananampalataya ay pagtanggi at paglabag sa katotohanan. At ang Allâh (ﷻ) ang Ganap na Nakababatid sa niloloob ng kanilang

mga kalooban na pagmamatigas kahit pa alam nila na ang anumang kaalaman na nilalaman ng Dakilang Qur'ân ay katotohanan, na kung kaya, ipamalita mo sa kanila, O Muhammad (ﷺ), na ang Allâh (ﷻ) na Kataas-taasan ay inihanda sa kanila ang masidhing kaparusahan, subali't ang mga yaong naniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at isinagawa nila ang anuman na ipinag-utos sa kanila ng Allâh (ﷻ), ay para sa kanila ang gantimpala sa Kabilang-Buhay na walang katapusan at walang kabawasan.

سورة البروج 85

LXXXV – Sûrat Al-Burûj [**Kabanata Al-Burûj** – Ang mga Dakilang Bituin]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-9. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng kalangitan na nagtatangan ng mga dakilang bituin na kung saan ito ang mga lugar na dinaraanan (o nililigiran) ng araw at ng buwan, at sa pamamagitan ng ipinangakong Araw, na ito ay Araw ng Muling Pagkabuhay, na ipinangako ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang mga nilikha na titipunin sila roon, at sa pamamagitan ng '*Shâhid*' (sumasaksi) na ito ay '*Jum`ah*,' at sa '*Mashhûd*' (sinaksihang araw) na ito ay araw ng '`*Arafat*.' At sumusumpa ang Allâh (ﷻ) sa anumang nais Niya para sa Kanyang mga nilikha, magkagayunpaman, ang nilikha ay hindi maaaring sumumpa sa pamamagitan ninuman kundi sa Pangalan lamang ng Allâh (ﷻ), dahil ang panunumpa sa iba bukod sa Allâh ay isang '*Shirk*.'

Pagkawasak, parusa at sumpa sa mga yaong naghukay sa kalupaan nang malalim na hukay; upang parusahan ang mga mananampalataya, at nagdingas nang matinding apoy sa pamamagitan ng paggatong ng marami, habang sila naman ay nakaupo na nakaabang sa gilid na nakapalibot sa pinagdingasang apoy na sila ay nanatili roon, at sila ang saksi sa anuman na ginawa nilang pagpapahirap at pagpaparusa sa mga mananampalataya. At walang anumang nagtulak sa mga walang pananampalataya na gawin ang ganitong matinding pagpaparusa sa mga mananampalataya kundi dahil lamang sa sila ay naniwala sa Allâh (ﷻ) na '***Al-`Azeez***' – ang Kataas-Taasan at Punung-Puno ng Karangalan na

Ganap na Makapangyarihan na hindi nagagapi, na '***Al-Hameed***' – ang Karapat-dapat ng lahat ng Papuri na pinupuri sa Kanyang mga Salita, mga Gawa at mga Katangian sa lahat ng pagkakataon, na Siya ang Nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan, at Siya ay tumitestigo sa lahat ng bagay na walang anuman ang naililihim sa Kanya.

10. Katiyakan, ang mga yaong nagparusa sa mga mananampalatayang kababaihan at kalalakihan sa pamamagitan ng pagsunog sa kanila sa apoy; upang sila ay alisin sa '*Deen*' ng Allâh, pagkatapos ay hindi sila nagsisi at humingi ng kapatawaran, ang para sa kanila sa Kabilang-Buhay ay kaparusahan sa Impiyernong-Apoy at magkakaroon sila ng masidhing kaparusahan na naglalagablab na Apoy.

11. Katiyakan, ang mga yaong naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo at gumawa ng mga mababuting gawa ay para sa kanila ang mga Hardin na umaagos sa ilalim ng mga palasyo nito ang mga ilog, na ito ang Dakilang Tagumpay.

12-16. Katiyakan, ang paghihiganti ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa mga kumalaban sa Kanya at ang Kanyang parusa para sa kanila ay napakatindi na napakasidhi. Walang pag-aalinlangan, Siya ang nagpanimula ng paglikha at pagkatapos ay muli Niya itong uulitin, bubuhayin Niyang muli ang lahat pagkatapos nilang mamatay, at Siya ay '***Al-Ghafour***' – ang Ganap na Mapagpatawad sa sinumang nagsisi na humingi ng kapatawaran, na '***Al-Wadûd***' – ang Punung-Puno ng Pagmamahal sa mga malalapit sa Kanya, na Siya ang '***Dhûl `Arshil Majeed***' – Nagmamay-ari ng Maluwalhati at Dakilang ''*Arsh*,' na ginagawa Niya ang anuman na Kanyang nais, na walang anuman ang makapipigil sa Kanya sa anuman na Kanyang nais.

17-22. Nakarating ba sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang kuwento hinggil sa grupo ng mga walang pananampalataya na hindi naniwala sa kanilang mga Propeta, na si Fir`âwn at ang kanyang mga sundalo at sambayanan ni Thamoud, at ang anuman na nangyari sa kanila na parusa at ganti, na ito ay hindi naging aral sa kanilang sambayanan, sa halip ang mga walang pananampalataya ay nagpatuloy sa kanilang pagtanggi at di-paniniwala na katulad ng kinaugalian ng mga nauna sa kanila.

At ang Allâh (ﷻ) ang Siyang Ganap na Nakababatid na saklaw sila ng Kanyang kaalaman at kakayahan, at walang anuman ang naililihim sa Kanya hinggil sa kanila at sa kanilang mga gawain na anuman. At ang Dakilang Qur'ân ay hindi katulad ng inangkin ng mga walang pananampalataya at sumamba ng iba bukod sa Allâh na ito ay tula o salamangka, na kung kaya, hindi nila ito pinaniwalaan, bagkus ang Qur'ân ay Dakila na Maluwalhati, na nakaukit ang pagkakatala sa tinatawag na '*Al-Lawh Al-Mahfudh*' na pinangalagaan mula sa anumang pagbabago, pagdaragdag, pagbabawas at pagsira.

سورة الطـــارق 86

LXXXVI – Sûrat At-Târiq

[**Kabanata At-Târiq** – Bituin na Naglalagos ang Liwanag nito sa Kaningningan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-4. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng kalangitan at bituin na lumilitaw lamang sa gabi, at ano ang makapagpapabatid sa iyo kung gaano kadakila ang bituin na ito? Ito ay bituin na naglalagos ang liwanag nito sa kaningningan. Walang anumang buhay kundi mayroong tagapangalaga na pinagkatiwalaan na anghel na nagmamanman sa kanya na itinatala para sa kanya ang kanyang mga gawain; upang siya ay tutumbasan sa Kabilang-Buhay ayon dito.

5-8. Samakatuwid, hayaang pagmasdan ng tao na hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay kung saan nagmula ang paglikha sa kanya. Upang mabatid niya na ang pagbuhay sa kanya na mag-uli ay hindi mahirap na hindi maaaring makahigit sa pagiging madali kaysa sa unang pagkalikha sa kanya, siya ay nilikha mula sa patak ng semilya na bumubulwak (o lumalabas) nang mabilis patungo sa sinapupunan, na ito ay lumalabas sa pagitan ng '*Sulb*' o gulugod (o '*backbone*') ng lalaki at '*Tarâ`ib*' o dibdib ng babae. Walang pag-aalinlangan, Siya na lumikha sa tao mula sa ganitong lusaw na bagay ay katiyakang kaya Niya itong ibalik muli o buhaying muli pagkatapos ng kamatayan.

9-10. Sa Araw na susuriin ang mga lihim kung bakit ito inilihim, at paghihiwalayin ang mabuti mula sa masama na wala nang anumang lakas ang tao upang ilayo niya ang kanyang sarili sa ganitong pagsusuri, at wala siyang sinumang makatutulong na ilalayo siya mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ).

11-14. At sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng kalangitan na nagtatangan ng ulan nang paulit-ulit, at sa pamamagitan ng kalupaan na nagkakabiyak-biyak dahil sa pagsisibol ng mga pananim mula rito. Walang pag-aalinlangan, ang Qur'ân ay Salita na inihihiwalay ang katotohanan sa kamalian, at ito ay hindi mga walang kabuluhan na salita lamang. At hindi maaari sa sinumang nilikha na susumpa sa iba bukod sa Allâh, kung hindi, ito ay magiging '*Shirk*.'

15-17. Katiyakan, ang mga yaong hindi naniwala sa Sugo ng Allâh at sa Dakilang Qur'ân ay nagsasagawa ng pakana at nagbabalak ng masama; upang mailayo nila sa pamamagitan ng kanilang pakana ang katotohanan at maitatag nila ang kasinungalingan, at Ako naman ay nagpapanukala ng plano upang mangibabaw ang katotohanan, kahit ayaw ng mga walang pananampalataya, na kung kaya, huwag mong madaliin sa kanila, O Muhammad (ﷺ), ang paghingi na ibaba ang kaparusahan para sa kanila, bagkus ay bigyan mo sila ng palugit at bigyan mo sila ng maikling panahon, at huwag kang magmadali para sa kanila, at walang pag-aalinlangan, makikita mo ang mangyayari sa kanila na parusa, ganti, kapahamakan at pagkawasak.

سورة الأعـــلى 87

LXXXVII – Sûrat Al-A`lã** [**Kabanata Al-A`lã – Ang Kataas-Taasan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-5. Luwalhatiin mo ang Pangalan ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na Kataas-taasan, at ilayo mo sa pagtatambal at kakulangan ng pagluwalhati na angkop sa Kanyang Kadakilaan, na Siya ang lumikha ng lahat ng nilalang, at ginawa Niyang ganap ang Kanyang paglikha, at ginawa Niya ito sa pinakamabuting paggawa, at Siya ang nagtakda ng lahat ng pagtatakda, at ginabayan Niya ang bawa't nilikha tungo sa kung ano ang karapat-dapat at angkop para sa kanya, at Siya ang nagpatubo ng mga pananim na luntian, na pagkatapos ay ginawa Niya ito na matuyo at mangitim na mag-iba ang kulay nito.

6-7. Walang pag-aalinlangan, O Muhammad (ﷺ), na bibigkasin Namin sa iyo, ang Kabanal-banalan na Qur'ân na ito, ng pagbibigkas na hindi mo na makalilimutan, maliban sa kung anuman ang nais ng Allâh (ﷻ) na ayon sa pinagpasiyahan ng Kanyang karunungan, na ito ay makalilimutan mo dahil sa kabutihan na Siya lamang ang Nakaaalam. Katiyakan, Siya – luwalhati sa Kanya – ay batid Niya ang anumang lantad na salita o gawa man, at ang anumang lihim mula rito.

8. At walang pag-aalinlangan, ipagkakaloob Namin sa iyo, ang pagiging madali ng lahat ng bagay hinggil sa buhay, at kabilang dito ang pagiging madali sa pagkatanggap ng tungkulin sa pagpaparating ng mensahe, at ginawa para sa iyo ang iyong '*Deen*' bilang pamamaraan ng pamumuhay na madali na walang anumang kahirap-hirap.

9. Na kung kaya, pangaralan mo, O Muhammad (ﷺ), ang iyong sambayanan sa pamamagitan ng Dakilang Qur'ân, na ang pangangaral na ito ay magiging kapaki-pakinabang sa kanila. Gayunpaman, ang pagpapaalaala ay ipinag-uutos kahit walang makikinabang nito, dahil ang gabay ay nasa pagtatangan ng Kamay ng Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi, at wala kang tungkulin kundi iparating lamang ito.

10-13. Makikinabang ng aral na ito ang sinumang natatakot sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at lalayo naman sa paalaalang ito ang sinumang masama na hindi natatakot sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na siya ay katiyakang papasok sa matinding parusa ng Impiyernong-Apoy na malalasap niya ang lagablab nito, pagkatapos ay wala na siyang kamatayan doon upang siya ay hindi na makapagpahinga, at hindi rin siya mabubuhay ng buhay na may kapakinabangan.

14-15. Katiyakan, magtatagumpay ang sinumang nililinis niya ang kanyang sarili mula sa mga masasamang pag-uugali, at inaalaala niya ang Pangalan ng Kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha – Allâh (ﷻ), at pinaniwalaan niya ang Kanyang Kaisahan at nanalangin sa Kanya at gumawa ng anumang kalugud-lugod sa Kanya, at isinagawa niya ang pagsa-'*Salâh*' sa tamang oras nito; bilang paghahangad ng pagmamahal ng Allâh (ﷻ) at pagsunod sa Kanyang batas.

16. Katiyakan, hindi ang inyong inaakala ang katotohanan, kundi walang pag-aalinlangan, kayo – O kayong mga tao – ay mas inuuna pa ninyo ang kinang ng makamundong buhay sa daigdig kaysa walang-hanggang kaligayahan sa Kabilang-Buhay.

17. At ang buhay sa Kabilang-Buhay at ang anuman na naroroon na patuloy na kaligayahan, ay mas higit na mabuti kaysa sa daigdig na ito, at nananatili magpasawalang-hanggan.

18-19. Katiyakan, ang anumang inihayag Ko sa inyo sa kabanatang ito ay naitala rin ang kahulugan nito sa mga naunang Kasulatang ipinahayag bago pa ang Qur'ân, na ito ay sa Kasulatan nina Ibrâhim (عليه السلام) at Mousã (عليه السلام).



سورة الغـــاشـــيـــة 88

LXXXVIII – Sûrat Al-Ghâshiyah
[**Kabanata Al-Ghâshiyah** –
Ang Kagimbal-gimbal]

بسم الله الرحمن الرحيم
[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Mayroon bang dumating sa iyong kuwento hinggil sa kagimbal-gimbal na Araw, na ito ay Araw ng Muling Pagkabuhay?

2-7. Ang mga mukha ng walang pananampalataya sa Araw na yaon ay kaawa-awa dahil sa kaparusahan, na nagpakahirap nang labis sa makamundong buhay (sa pagsamba ng iba bukod sa Allâh), na hapung-hapo sa pagpapahirap sa kanya sa Kabilang-Buhay, na siya ay susunugin sa naglalagablab na apoy at paiinumin mula sa kumukulong bukal na napakatindi ang init nito, walang anumang pagkain ang mga nasa Impiyerno kundi mula sa '*Dharee*`' – matinik na halaman na nakalalason na ito ay napakasamang pagkain at napakarumi, at hindi ito makapagbibigay ng kapakinabangan sa katawan at hindi makapapawi ng gutom at uhaw.

8-16. At ang mga mukha ng mananampalataya sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay masayang-masaya; dahil sa kanyang ginawang pagpunyagi sa daigdig sa mga pagsunod sa kautusan na naging kalugud-lugod sa kanya sa Kabilang-Buhay, na nasa mataas na antas at lugar ng '*Al-Jannah*' (Hardin), na kung saan doon ay wala siyang maririnig ni anumang salita na walang kabuluhan, na nandoroon ang umaagos na mga tubig mula sa bukal, na naroroon ang matataas na mga trono at mga nakahain na mga inumin na nasa mga kopita, at mga *'Namâriq'* (mga malalambot na unan o natatangi), na nakahelera na magkakatabi sa isa't isa, at mga magagarang alpombra na nakalatag.

17-20. Hindi ba pinagmasdan ng mga walang pananampalataya ang mga kamelyo; kung paano ito nilikha sa kamangha-manghang pagkalikha? At sa kalangitan kung paano ito itinaas na pagkakaganda-gandang pagkakataas? At sa mga kabundukan kung paano itinalusok sa kalupaan upang magpatatag at magpanatili nito? At sa kalupaan kung paano itong ginawang palatag at madaling pamuhayan?

21-22. Kung gayon, paalalahanan mo, O Muhammad (ﷺ), ang mga tumanggi sa mensaheng dala-dala mo sa kanila, at huwag kang malungkot sa kanilang pagtanggi, dahil ikaw, ang tungkulin mo ay tagapagpaalaala lamang, at wala kang karapatan na pilitin o puwersahin sila para maniwala.

23-24. Subali't ang sinumang tumanggi sa pagpapaalaala at pagpapayo at nagpumilit sa di paniniwala, ay walang pag-aalinlangang paparusahan siya ng Allâh (ﷻ) nang matinding kaparusahan sa Impiyerno.

25-26. Katiyakan, sa Amin sila magbabalik pagkatapos ng kamatayan, pagkatapos ay walang pag-aalinlangang Kami ang magtutumbas para sa kanila at papagbabayarin sila sa anuman na kanilang nagawa.

سورة الفـــجـــر 89

LXXXIX – Sûrat Al-Fajr [Ang Pamimitak ng Liwanag]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-5. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng ‘*Fajr*,’ at sa pamamagitan ng sampung gabi na ito ay ang unang sampung araw ng ‘*Dhul Hijjah*’ at sa anuman na pinarangalan nito, at sa lahat ng ‘*Shaf`a*’[65] at sa ‘*witr*,’ [66] at sa pamamagitan ng gabi habang lumalaganap ang kadiliman nito, hindi ba sa mga panunumpang nabanggit ay mga matibay na katibayan sa sinumang ginagamit niya ang kanyang pang-unawa!

6-8. Hindi mo ba nakita, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang ginawa ng iyong ‘*Rabb*’ na Tagapaglikha sa sambayanan ni `Âd, na sila ay mula sa tribo ng ‘*Iram*’ na nagtatangan ng pambihirang lakas at mga nagmamay-ari ng mga matataas na gusali na may matitibay na mga haligi sa mga matatag na pader, na walang nilikha na ganito sa kalupaan sa pagiging katulad ng kanilang higanteng pangangatawan at pambihirang lakas?

9. At kung paano ang ginawa sa mga angkan ni Thamoud na sila ang sambayanan ni Sâleh, na tinatabas at inuukit nila ang mga matatayog na bato na nasa kalagitnaan ng mga maliliit na lambak at ginawa nila ito bilang mga tahanan?

---

[65] ‘*Shaf`a*’ – pares (‘*even*’ sa wikang Inggles), ang ika-10 na araw sa buwan ng ‘*Dhul Hijjah*,’ ang araw ng pagsasakripisyo ng mga hayop sa buwan ng Hajj.

[66] ‘*Witr*’ – gansal (‘*odd*’ sa wikang Inggles), ang ika-9 na araw sa buwan ng ‘*Dhul Hijjah*’ sa araw ng pagtigil o pananatili sa Arafah.

10. At kay Fir`âwn na hari ng Ehipto na nagmamay-ari ng mga sundalo na nagpapatatag ng kanyang kaharian at nagpapalakas ng kanyang pag-aatas?

11-14. Sila ay lumampas sa hangganan at nagmalabis sa kalupaan, at napakarami na ang kanilang nagawang pang-aapi at pamiminsala sa kalupaan, na kung kaya, pinuksa sila ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, ng matinding pagkapuksa. Walang pag-aalinlangan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), ang Walang-Hanggang Nakamasid sa kanila na Batid Niya kung sinuman ang lumabag sa Kanya, na pansamantalang pinagbibigyan sila, at pagkatapos ay pupuksain sila bilang pagpupuksa ng Makapangyarihan at Tagapagkuntrol.

15. Sa sinumang tao na kapag siya ay sinubok ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha ng biyaya, at pinaluwag sa kanya ang kanyang kabuhayan, at siya ay inilagay sa marangyang pamumuhay, na iniisip niya na ito ay parangal sa kanya mula sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na kanyang sasabihin: "*Ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay pinarangalan ako.*"

16. Subali't siya naman na sinubok, at pinasikip sa kanya ang kanyang kabuhayan, at iniisip na ito ay kawalang-halaga sa paningin ng Allâh (ﷻ), ay sasabihin niya: "*Ang aking* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ay hinamak ako.*"

17-20. Ang katotohanan ay hindi ang iniisip ng taong ito, dahil ang pagpaparangal ay dahil sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at ang pagpapahamak ay dahil sa paglabag sa Kanya, at kayo ay hindi ninyo inaalagaan at pinahahalagahan ang mga ulila, at hindi kayo nakikitungo nang mabuti sa mga katulad niya, at hindi ninyo ipinag-utos sa isa't isa na pakanin ang mga mahihirap, at kinakain ninyo (kinukuha ninyo nang di-makatarungan) ang karapatan ng iba sa pamamagitan ng pagiging gahaman (o sakim) ninyo sa mana ng iba, at talamak ninyong minamahal ang kayamanan.

21-23. Na hindi nararapat na ganito ang inyong kalagayan (pagkatao). Na kung kaya, kapag niyanig na ang kalupaan at nagkabiyak-biyak na ang mga ito, at dumating ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), upang pagpasiyahan ang Kanyang paghuhukom sa pagitan ng Kanyang mga nilikha, at ang mga anghel ay nakahanay, at dadalhin ang Impiyernong-Apoy sa kagimbal-gimbal na Araw na yaon, na roon ay mapagtatanto ng walang pananampalataya ang katotohanan at siya ay magsisisi, subali't ano pa ba ang makukuha niyang pakinabang kapag siya ay nagsisi, gayong walang pag-aalinlangang hindi niya pinahalagahan ang katotohanan at pagsisisi noong siya ay nasa daigdig pa, kaya huli na ang lahat para sa kanya?



24. Sasabihin niya: "*Sayang! Sana*, *ang nagawa ko sa daigdig na mga gawain ay ang anumang mapapakinabangan ko sa aking buhay sa Kabilang-Buhay*."

25-26. Na kung kaya, sa matinding Araw na yaon ay walang sinuman ang may kakayahan na magparusa na katulad ng pagpaparusa ng Allâh (ﷻ) sa sinumang lumabag sa Kanya, at walang sinuman ang may kakayahan na gapusan o magkadena na katulad ng paggagapos o pagkakadena ng Allâh (ﷻ), at walang sinuman ang makaaabot sa anumang kakayahan ng Allâh (ﷻ) sa Araw na yaon.

27-30. Sasabihin sa isang matapat na mananampalataya: "*O ikaw na may panatag na kalooban tungo sa pagpuri sa Allâh* (ﷻ) *at paniniwala*, *at sa anumang kaligayahan na inihanda sa mga mananampalataya*, *bumalik ka na sa iyong* '*Rabb*' *na Tagapaglikha at sa Kanyang pangangalaga na kalugud-lugod sa iyo ang Kanyang pagpaparangal*, *at ang Allâh* (ﷻ) *ay katiyakang nasiyahan sa iyo*, *na kung kaya*, *pumasok ka na kabilang sa mga ikinarangal at mabubuti mula sa Aking mga alipin*, *at pumasok ka na kasama nila sa Aking* '*Al-Jannah!*'"

سورة الـــبـــلـــد 90

XC – Sûrat Al-Balad [**Kabanata Al-Balad** – Ang Lungsod (ng Makkah)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-4. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng sagradong bayan, na ito ay ang Makkah, na kung saan, ikaw ay naninirahan, O Muhammad (ﷺ), sa sagradong bayang ito, at sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng ama ng sangkatauhan – na siya ay si Âdam (عليه السلام) – at sa sinumang ipapanganak mula sa kanya, walang pag-aalinlangan, nilikha Namin ang tao na nasa paghihirap at pagpupunyagi sa makamundong buhay.

5. Iniisip ba niya na dahil sa kanyang nalikom na salapi o kayamanan ay wala nang kakayahan ang Allâh (ﷻ) laban sa kanya?

6-7. Sasabihin niya na may pagmamayabang: "*Nag-aksaya ako ng maraming kayamanan*." Iniisip ba niya na sa ganitong gawain ay hindi siya nakikita ng Allâh (ﷻ), at hindi siya papagbabayarin sa anuman na kanyang nagawa, maliit man o malaki?

8-10. Hindi ba ginawan Namin siya ng dalawang mata na sa pamamagitan nito ay nakakakita siya, at dila at dalawang labi, na siya ay nakapagsasalita sa pamamagitan nito, at nilinaw Namin sa kanya ang dalawang daan: ang mabuti at masama?

11. Subali't hindi siya naghangad na makaligtas sa masidhing pagpapahirap sa Kabilang-Buhay sa pamamagitan ng paggasta ng kayamanan sa Daan ng Allâh, upang siya ay maging tiyak sa kaligtasan.

12. Ano bang bagay ang makapagpapabatid sa iyo: sa anumang kahirapan sa Kabilang-Buhay at anumang makatutulong para makaligtas sa kahirapang ito?

13. Katiyakan, ito ay pagpapalaya ng mananampalatayang alipin na babae mula sa pagkabihag at pag-alipin sa kanya.

14-16. O di kaya ay pagpapakain sa panahon na matindi ang taggutom, ng mga ulila mula sa kamag-anak, na sa panahong yaon ang kahalagahan ng pagsasagawa ng kawanggawa at pagpapatibay ng ugnayang magkakamag-anak, o di kaya ay sa mahihirap na dukha na salat sa kahirapan.

17. Pagkatapos, kasama sa pagsagawa ng mga mababuting gawa na mga nabanggit ay ang pagiging dalisay niya na taos-puso ang kanyang paniniwala sa Allâh (ﷻ), na nagpapayuhan sa isa't isa ng pagtitiis sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) at pag-iwas sa mga kasalanan, at nagpapayuhan sa pagiging mabuti at pagsasagawa ng kawanggawa.

18. Ang mga yaong gumawa ng ganitong gawain, sila ang mga '*Ashâbul Maymanah*' – nasa gawing kanan, na kung saan, sila ay isasama sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga nasa gawing kanan na patungo sa '*Al-Jannah*' (Hardin).

19. Ang mga yaong hindi naniwala sa Qur'ân, sila ang mga yaong '*Ashâbul Mash`amah*' na ibibilang at isasama sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga nasa gawing kaliwa patungo sa Impiyerno.

20. Na ang kanilang kabayaran ay Impiyernong-Apoy na nakapinid.

سورة الـشـمـس 91

XCI – Sûrat Ash-Shams [**Kabanata Ash-Shams** – Ang Araw]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-10. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng araw (‘*sun*’) at sa liwanag ng sinag sa umpisa ng araw (‘*day*’) nito, at sa pamamagitan ng buwan kapag ito ay sumunod (o humalili) sa araw sa pamamagitan ng paglitaw nito at lulubog (naman ang araw), at sa araw (‘*day*’) kapag naglaho na ang kadiliman at lumiwanag na, at sa gabi kapag natakpan na at dumilim na ang kalupaan, at sa kalangitan at sa matatag na pagkakataas nito, at sa kalupaan at pagkalatag nito, at sa bawa’t tao at sa pagkakaganap na pagkakalikha nito ng Allâh (ﷻ) upang magampanan niya ang kanyang tungkulin, at nilinaw sa kanya ang daan ng masama at daan ng mabuti, katiyakan, nagtagumpay ang sinumang nilinis niya ang kanyang pagkatao at pinalago niya sa kabutihan, at katiyakan, natalo ang sinumang nilulong niya ang kanyang sarili sa mga kasalanan.

11-15. Tinanggihan ng sambayanan ni Thamoud ang kanilang Propeta sa pamamagitan ng ginawa nilang sukdulang paglabag, noong isinagawa ng karamihan sa tribo ang kasamaan sa pamamagitan ng pagsaksak nila sa babaeng kamelyo, na sinabi sa kanila ng Sugo ng Allâh na si Sâleh (عليه السلام): “*Ingatan ninyo na makagawa kayo ng anumang masamang hakbang laban sa babaeng kamelyo na ipinadala ng Allâh* (ﷻ) *sa inyo bilang palatandaan*, *at ingatan ninyo na maharangan ang pagpapainom sa kanya ng kanyang inumin*, *dahil para sa kanya ang isang araw*

upang makainom at para naman sa inyo ang isang araw," at naging mahirap ito sa kanila, na kung kaya, pinasinungalingan nila ang anumang babala sa kanila, kaya pinatay nila ang babaeng kamelyo, na sa ganitong kadahilanan ay winasak sila ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha bilang parusa sa kanilang kasalanan, at ginawa ito sa kanila na magkakasabay na walang sinuman ang nakaligtas sa kanila. At kailanman ay hindi natatakot ang Allâh (ﷻ) sa anumang magiging bunga ng iginawad Niyang matinding kaparusahan sa kanila.

سورة الـــلـــيـــل 92

XCII – Sûrat Al-Layl [**Kabanata Al-Layl** – Ang Gabi]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-4. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng gabi kapag natakpan na ng buong kadiliman nito ang kalupaan at ang mga nasa ibabaw nito, at sa pamamagitan ng araw ('*day*') kapag naglaho na ang kadiliman ng gabi dahil sa liwanag nito, at sa pamamagitan ng paglikha Niya ng paris: babae at lalaki.

Walang pag-aalinlangan, ang inyong pagpupunyagi at gawa ay magkakaiba sa mga layunin at hangarin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba para sa makamundo lamang at ng iba naman para sa Kabilang-Buhay.

5-7. Subali't ang sinumang gumasta sa kawanggawa mula sa kanyang kayamanan at pinanatili niya ang kanyang tungkulin sa Allâh (ﷻ) at natakot sa Kanya sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga ganitong kabutihan, at pinaniniwalaan niya ang Paghuhukom at ang gantimpala sa kanyang mga gawain.

Walang pag-aalinlangang gagabayan Namin siya tungo sa daan ng kabutihan at pagiging matuwid, at gagawin Naming madali para sa kanya ang kanyang pamumuhay.

8-11. At sino naman ang nagmaramot sa kanyang kayamanan at iniisip niya na hindi niya kailangan ang gantimpala ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, at hindi naniniwala sa paghuhukom at pagtutumbas.

Walang pag-aalinlangan, gagawin Naming madali para sa kanya ang mga daan patungo sa pagiging sawi, at wala siyang mapapakinabangan sa kanyang kayamanan na kanyang ipinagdamot kapag siya ay itinapon na sa Impiyerno.

12-13. Katotohanan, tungkulin Namin dahil sa Aming kagandahang-loob at karunungan na linawin ang Daan ng Patnubay na naggagabay tungo sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang '*Al-Jannah*' sa daan ng pagkaligaw, at katiyakan, pagmamay-ari Namin ang buhay sa Kabilang-Buhay at buhay sa daigdig.

14. Na kung kaya, binalaan Ko kayo, O kayong mga tao, at tinakot hinggil sa naglalagablab na Apoy na napakatindi na ito ay Impiyernong-Apoy.

.


الجزء الثلاثون سورة الضحى سورة الشرح
لَا يَصْلَىٰهَآ إِلَّا ٱلْأَشْقَى ﴿١٥﴾ ٱلَّذِى كَذَّبَ وَتَوَلَّىٰ ﴿١٦﴾ وَسَيُجَنَّبُهَا
ٱلْأَتْقَى ﴿١٧﴾ ٱلَّذِى يُؤْتِى مَالَهُۥ يَتَزَكَّىٰ ﴿١٨﴾ وَمَا لِأَحَدٍ عِندَهُۥ مِن
نِّعْمَةٍ تُجْزَىٰٓ ﴿١٩﴾ إِلَّا ٱبْتِغَآءَ وَجْهِ رَبِّهِ ٱلْأَعْلَىٰ ﴿٢٠﴾ وَلَسَوْفَ يَرْضَىٰ ﴿٢١﴾
سُورَةُ الضُّحَىٰ
بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ
وَٱلضُّحَىٰ ﴿١﴾ وَٱلَّيْلِ إِذَا سَجَىٰ ﴿٢﴾ مَا وَدَّعَكَ رَبُّكَ وَمَا قَلَىٰ ﴿٣﴾
وَلَلْءَاخِرَةُ خَيْرٌ لَّكَ مِنَ ٱلْأُولَىٰ ﴿٤﴾ وَلَسَوْفَ يُعْطِيكَ رَبُّكَ
فَتَرْضَىٰٓ ﴿٥﴾ أَلَمْ يَجِدْكَ يَتِيمًا فَـَٔاوَىٰ ﴿٦﴾ وَوَجَدَكَ ضَآلًّا
فَهَدَىٰ ﴿٧﴾ وَوَجَدَكَ عَآئِلًا فَأَغْنَىٰ ﴿٨﴾ فَأَمَّا ٱلْيَتِيمَ فَلَا تَقْهَرْ
وَأَمَّا ٱلسَّآئِلَ فَلَا تَنْهَرْ ﴿١٠﴾ وَأَمَّا بِنِعْمَةِ رَبِّكَ فَحَدِّثْ ﴿١١﴾
سُورَةُ الشَّرْحِ
بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ
أَلَمْ نَشْرَحْ لَكَ صَدْرَكَ ﴿١﴾ وَوَضَعْنَا عَنكَ وِزْرَكَ ﴿٢﴾ ٱلَّذِىٓ
أَنقَضَ ظَهْرَكَ ﴿٣﴾ وَرَفَعْنَا لَكَ ذِكْرَكَ ﴿٤﴾ فَإِنَّ مَعَ ٱلْعُسْرِ يُسْرًا ﴿٥﴾ إِنَّ
مَعَ ٱلْعُسْرِ يُسْرًا ﴿٦﴾ فَإِذَا فَرَغْتَ فَٱنصَبْ ﴿٧﴾ وَإِلَىٰ رَبِّكَ فَٱرْغَب ﴿٨﴾

15-16. Na walang sinuman ang makapapasok (sa Apoy na) ito kundi siya na napakatindi ang kasamaan, na tinanggihan niya ang Propeta ng Allâh na si Muhammad (ﷺ), at tinanggihan niya ang paniniwala sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugo at pagsunod sa kanilang dalawa.

17-21. At walang pag-aalinlangan, ilalayo sa kaparusahang ito ang sinuman na matindi ang kanyang pagkatakot sa Allâh (ﷻ), na ginasta niya ang kanyang kayamanan bilang paghahangad ng karagdagang kabutihan. At ang paggasta na ito ay hindi bilang ganti sa sinumang gumawa sa kanya ng kabutihan, bagkus ang hangarin niya ay makaharap ang Mukha ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha na Kataas-taasan at makamit ang Kanyang Kaluguran, at walang pag-aalinlangang ipagkakaloob ng Allâh (ﷻ) sa kanya sa '*Al-Jannah*' (Hardin) at ang anumang ikalulugod niya.

سورة الضـــحى 93

XCIII – Sûrat Adh-Dhuhâ [**Kabanata Adh-Dhuhâ** – Ang Umaga]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Rahîm*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-3. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng '*Dhuhâ*,' at sa gabi kapag tumahimik na ito para sa mga nilikha at tumindi na ang kadiliman nito.

Sumusumpa ang Allâh (ﷻ) sa anuman na Kanyang nais sa Kanyang mga nilikha subali't ang sinumang nilikha ay hindi maaaring sumumpa sa iba bukod sa Allâh na Tagapaglikha, dahil ang panunumpa bukod sa Allâh ay isang uri ng '*Shirk*' – pagtatambal sa pagsamba sa Allâh o pagsamba ng iba bukod sa Allâh.

Hindi ka pinabayaan ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, O Muhammad (ﷺ), at hindi ka Niya kinapootan sa pansamantalang pagpapaantala ng pagdating sa iyo ng Rebelasyon ('*Wahi*').

4-5. At ang Kabilang-Buhay ay mas makababuti sa iyo, kaysa buhay sa daigdig, at walang pag-aalinlangan, ipagkakaloob ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang masaganang biyaya sa Kabilang-Buhay, na ikaw ay masisiyahan nang lubusan.

6-8. Hindi ba nasumpungan (natagpuan) ka noon na ulila at inalagaan ka at kinalinga, at natagpuan ka na di-maalam sa kasulatan at tamang paniniwala subali't itinuro sa iyo ang anuman na hindi mo alam, at ginabayan ka sa pinakamabuting gawa? At natagpuan ka na mahirap, at ipinagkaloob sa iyo ang iyong kabuhayan, at pinayaman ka sa pamamagitan ng pagiging panatag sa kalooban at mapagtiis?

9-11. Na kung kaya, huwag mong pakikitunguhan nang masama ang ulila, at huwag mong ipagtabuyan ang sinumang namamalimos, bagkus ay pakanin mo, at ibigay mo ang kanilang pangangailangan, at ipahayag mo ang anumang ipinagkaloob sa iyo na Biyaya (pagka-Propeta at iba pang mga Biyaya), ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha.

سورة الـــشـــرح 94

XCIV – Sûrat Ash-Sharh [**Kabanata Ash-Sharh** – Ang Kaginhawahan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-4. Hindi ba binuksan Namin ang iyong kalooban, O Muhammad (ﷺ), sa liwanag ng Islâm pagkatapos ng kasikipan nito, at inialis Namin sa iyo ang mabigat na pasanin (pananagutan) na nakaatang sa iyong likuran, at ginawa ka Namin – sa pamamagitan ng pagkakaloob Namin sa iyo ng mga parangal – na nasa mataas na antas?

5-6. Na kung kaya, huwag kang magpapigil sa pagpapalaganap mo ng mensahe dahil sa panggugulo ng iyong mga kalaban; dahil walang pag-aalinlangan na sa bawa't kahirapan ay may kasama itong kaginhawahan, na katiyakang sa bawa't kahirapan ay may kasama itong kaginhawahan.

7-8. Na kung kaya, kapag natapos ka na sa pagiging abala mo sa makamundong gawain ay magpunyagi ka sa pagsamba sa Allâh (ﷻ), at tungo sa Kanya na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha na Bukod-Tangi ay hangarin mo ang anumang nagmumula sa Kanya na biyaya.

سورة الـــتـــين 95

XCV – Sûrat At-Tîn

[**Kabanata At-Tîn** – Ang Igos]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-6. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng ‘*Tîn*’ at saka sa ‘*Zayton*’ (Oliba), na itong dalawang ito ay kabilang sa mga uri ng bunga, at sumumpa (rin) ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng bundok ng Sinai na kung saan nakipag-usap ang Allâh (ﷻ) kay Mousã (عليه السلام) roon, at sumumpa (rin) ang Allâh (ﷻ) sa bayang ligtas sa anumang kinatatakutan, na ito ay ang Makkah, na kung saan, dito ibinaba ang Islâm.[67] Katiyakan, nilikha Namin ang tao sa pinakamagandang hugis, pagkatapos ay ibababa Namin tungo sa kababa-babaan ng Impiyerno kung hindi siya susunod sa Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga Sugo, subali’t ang mga yaong naniwala sa Allâh at gumawa ng mga mababuting gawa ay para sa kanila ang dakilang gantimpala na walang katapusan at hindi nababawasan.

7. Ano ba ang nagtulak sa iyo, O ikaw na tao, pagkatapos nito, na tumanggi sa Muling Pagkabuhay at sa Pagbabayad, samantalang napakalinaw ng mga katibayan sa kakayahan ng Allâh (ﷻ) para rito?

8. Hindi ba ang Allâh (ﷻ) na Siyang lumikha ng Araw na ito para sa Paghuhukom sa pagitan ng mga tao ay Siyang Pinakamagaling sa lahat ng tagapaghukom sa lahat ng Kanyang mga nilikha?

[67]Kapanahunan pa ng kauna-unahang tao na si Âdam (عليه السلام).

Walang pag-aalinlangan, tunay na Siya nga! Kung gayon, pababayaan na lang ba ang mga tao na hindi na pakikialaman, na wala nang pag-uutos para sa kanya at wala nang pagbabawal, na siya ay di na gagantimpalaan at hindi na paparusahan?

سورة الــعلق 96

XCVI – Sûrat Al-`Alaq** [**Kabanata Al-`Alaq Ang Namuong Dugo]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-5. Bigkasin mo, O Muhammad (ﷺ), ang anumang ipinahayag sa iyo na mula sa Dakilang Qur'ân bilang iyong pagsisimula! Sa Pangalan ng iyong '*Rabb*' na Bukod-Tanging Tagapaglikha, na Siya ang lumikha ng lahat ng tao mula sa namuong dugo na malapot.

Bigkasin mo, O Muhammad (ﷺ), ang anumang ipinahayag sa iyo! At katiyakan, ang iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha ay sagana sa kabutihan at malawak ang Kagandahang-loob, na Siya ang nagturo sa Kanyang nilikha ng pagsusulat sa pamamagitan ng panulat, na tinuruan Niya ang tao ng bagay na hindi nito alam, at iniahon Niya mula sa kadiliman at kamangmangan tungo sa liwanag ng kaalaman.

6-8. Katiyakan, ang tao ay lumampas sa hangganan na itinakda ng Allâh (ﷻ) dahil siya ay nagmayabang sa kanyang yaman, na kung kaya, dapat na mabatid ng sinumang lumampas sa hangganan ng katotohanan, ang kanyang pagbabalik ay tungo sa Allâh (ﷻ) na iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha.

9-19. Nakakita ka ba, O Muhammad (ﷺ), ng mas higit pa na kamangha-mangha sa kanyang pagiging masama kaysa sa kanya na naghaharang – siya ay si Abu Jahl – sa Aming alipin kapag siya ay nagsasagawa ng '*Salâh*' sa kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha – siya ay si Muhammad? Ano kaya ang masasabi mo, kung siya (Muhammad) ba na pinagbabawalang magsagawa ng '*Salâh*' ang nasa patnubay, na kung gayon, bakit siya pinagbabawalan? O di kaya siya ba na nag-utos sa iba ng pagkatakot ay karapat-dapat ba siyang pagbawalan?

Ano sa tingin mo, kung siya (Abu Jahl) ba (na walang pananampalataya) na nagbabawal, na tinanggihan ang anumang paanyaya sa kanya at tumalikod? Hindi ba niya batid na ang Allâh (ﷻ) sa katotohanan ay nakikita ang anuman na kanyang ginagawa? Ang katotohanan ay hindi ang yaong kanyang ginagawa! Na kung kaya,

kapag hindi siya tumigil sa kanyang pagiging masama at sa kanyang pagdudulot ng kapinsalaan ay pupuksain Namin siya na kakaladkarin mula sa harapan ng kanyang noo nang mahigpit na pagkaladkad at siya ay itatapon sa Impiyerno, na ang noo niyang ito ay isang sinungaling na noo sa sinasabi nito at mali sa ginagawa nito. Na kung kaya, tawagin na niya – siya na sukdulan ang kasamaan – ang sinuman na kanyang nais na tawagin upang makahingi siya ng saklolo, dahil walang pag-aalinlangan, tatawagin (aatasan) Namin ang mga anghel na tagapagparusa! Ang katotohanan ay hindi ang yaong iniisip ni Abu Jahl!

Katiyakan, hindi ka niya maipapahamak, O Muhammad (ﷺ), na kung kaya, huwag mo siyang sundin sa anuman na kanyang ipinag-aanyaya sa iyo, na tumigil sa pagsasagawa ng '*Salâh*,' bagkus ay magpatirapa ka sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, at lumapit ka sa Kanya (ﷻ) sa pamamagitan ng pagmamahal sa Kanya (ﷻ) bilang pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos.

سورة الــقــدر 97

XCVII – Sûrat Al-Qadr

[**Kabanata Al-Qadr** – Ang (Gabi Ng) Qadr]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Katiyakan, ibinaba Namin ang Qur'ân sa gabi ng '*Qadr*' – na ito ay gabi ng karangalan, na ito ay sa buwan ng Ramadhan.

2. At ano ang makapagpapabatid sa iyo, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang gabi ng '*Qadr*,' na dakila at pinarangalan na gabi?

3. Ang gabi ng '*Qadr*' ay gabi na biniyayaan, na ang katangian nito ay higit pa kaysa sa isang libong buwan na pagsamba, na wala sa ibang gabi ang ganitong katangian.

4. Na sa gabing yaon ay bumababa ang maraming mga anghel at si Jibril (عليه السلام) sa kapahintulutan ng kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha upang gawin ang anumang pinagpasiyahan ng Allâh (ﷻ) sa taong ('*year*') yaon.

5. Na ang gabing yaon ay punung-puno ng kapayapaan, na walang anumang hindi kanais-nais na mangyayari hanggang sa pagsikat ng '*Fajr*.'

سورة الــبيــنة 98

XCVIII – Sûrat Al-Bayyinah

[**Kabanata Al-Bayyinah** – Ang Malinaw Na Palatandaan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Hindi tinalikuran ng mga walang pananampalataya na mga '*Ahlil Kitâb*' – nagtatangan ng Kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano, at ng mga '*Mushrikîn*' – nagtatambal o sumasamba ng iba bukod sa Allâh ang kanilang maling paniniwala, hanggang dumating sa kanila ang malinaw na palatandaan na ipinangako sa kanila ayon sa mga naunang kasulatan.

2. At ito ay ang Sugo ng Allâh na si Muhammad (ﷺ) na nagbibigkas sa kanila ng Qur'ân na nasa dalisay na pahina (Kasulatan).

3. Nasa mga Kasulatan na yaon ang mga totoong salaysay at makatarungang pag-uutos, na naggagabay tungo sa katotohanan at tungo sa matuwid na landas.

4. At hindi nagkasalungatan ang mga nagtatangan ng kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano sa pagiging tunay na Sugo ni Muhammad (ﷺ); na nakikita nila ang kanyang katangian sa kanilang kasulatan, maliban sa pagkatapos nilang mapatunayan na siya ang Propeta na ipinangako sa kanila sa '*Tawrah*' at '*Injeel*,' at sila ay nagkakasundu-sundo sa pagiging totoo ng kanyang pagiging Propeta subali't nang siya ay dumating sa kanila ay tinanggihan nila at nagkawatak-watak sila.

5. At walang ipinag-utos sa kanila sa lahat ng batas sa kasulatan kundi sambahin lamang nila ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi, na ang kanilang hangarin sa kanilang pagsamba ay makatagpo nila ang Allâh (ﷻ), na lumayo sila sa pagtatambal patungo sa tamang paniniwala, at isagawa nila ang '*Salâh*,' at ibibigay nila ang kanilang 'Zakâh,' at ito ang Matuwid na 'Deen' (Relihiyon), na ito ay ang Islâm.

6. Katiyakan, ang mga yaong hindi naniwala mula sa mga Hudyo at mga Kristiyano, at mga nagtambal o sumamba ng iba bukod sa Allâh, ang parusa para sa kanila ay Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan, at sila ang pinakamasama sa mga nilikha.

7. Katiyakan, ang mga yaong naniwala sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo at gumawa ng mga kabutihan ay sila ang pinakamabuti sa mga nilikha.

8. Ang kanilang gantimpala na nasa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay mga Hardin na pinakamagandang patutunguhan at tirahan, na umaagos sa ilalim ng mga palasyong ito ang mga ilog.

Mananatili sila roon magpasawalang-hanggan, kinalugdan sila ng Allâh (ﷻ) kaya naging katanggap-tanggap ang kanilang mga mababuting gawain, at gayundin sila sa Allâh (ﷻ), nalugod din sila dahil sa inihanda sa kanila na iba't ibang uri ng karangalan, at ito ang mabuting gantimpala sa sinumang natakot sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng Kanyang mga ipinag-utos at pag-iwas sa lahat ng Kanyang ipinagbawal, at iniwasan ang paglabag sa Kanya.

سورة الـــزلـــزلة 99

XCIX – Sûrat Az-Zalzalah

[**Kabanata Az-Zalzalah** – Ang Pangingisay o Kombulsiyon]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-3. Kapag niyanig ang kalupaan ng matinding pagkayanig at inilabas nito ang anumang nilalaman na mga patay at mga kayamanan ay magtatanungan na ang mga tao sa isa't isa bilang pagkagulat: "*Ano ba ang nangyayari sa kanya* (*sa kalupaang ito*)*?*"

4-5. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay mag-uulat ang kalupaan hinggil sa anumang ginawa sa ibabaw nito, mabuti man o masama, dahil katiyakang ang Allâh (ﷻ) ay uutusan itong mag-ulat.

6. Sa Araw na yaon ay tutungo ang mga tao mula sa lugar ng paghuhukom na hiwa-hiwalay na grupo at tutungo sila sa grupo na nararapat nilang paglagyan; upang ipakita ng Allâh (ﷻ) kung ano ang kanilang ginawa na mga kasamaan at mga kabutihan, at ayon dito sila ay tutumbasan.

7-8. Na kung kaya, ang sinumang gumawa ng kahit na katiting na katiting na kabutihan, ay makikita niya ang kanyang gantimpala sa Kabilang-Buhay, at sino naman ang gumawa ng kahit na katiting na katiting na kasamaan ay makikita (rin) niya ang kanyang parusa sa Kabilang-Buhay

100 سورة الـــعـــاديات

C – Sûrat Al-`Âdiyât** [**Kabanata Al-`Âdiyât – Yaong Mga Rumaragasa (Tumatakbo)]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng mga kabayo na rumaragasa sa mga tinatakbuhan nito hanggang sa marinig ang kanilang paghagok dahil sa kanilang bilis.

2. At sa pamamagitan ng paghampas ng mga paa nito sa mga bato na nagdudulot ng tilamsik ng apoy dahil sa tindi ng hampas nito.

3. At sa mga sumasalakay sa kanilang mga kalaban sa madaling-araw.

4. Na nagdudulot ng makakapal na alikabok sa pinagdaraanan nito.

5. Na sumasalakay sa kalagitnaan ng kanilang mga kaaway.

6-8. Katiyakan, ang tao ay binabalewala niya ang mga biyaya ng kanyang '*Rabb*' na Tagapaglikha, na walang pag-aalinlangang inaamin niya ang pagtatangging ito. At katunayan, siya ay gahaman sa kayamanan.

9. Hindi ba batid ng tao, kung ano ang naghihintay sa kanya kapag inilabas na ng Allâh (ﷻ) ang mga patay mula sa kanilang mga libingan para sa paghuhukom at pagbabayad?

10. At ilalantad na ang anumang kinimkim ng mga dibdib, mabuti man o masama.

11. Katiyakan, ang kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha ang '***Khabeer***' – Pinakadalubhasa na Ganap na Nakababatid sa kanila sa Araw na yaon at sa kanilang mga gawain, na walang anumang naililihim sa Kanya.



سورة الــقــارعــة 101

CI – Sûrat Al-Qâri`ah
[**Kabanata Al-Qâri`ah** – Ang Malagim Na Pangyayari]
بسم الله الرحمن الرحيم
[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. '*Al-Qâri`ah*' – ang oras ng pagkagunaw ng daigdig, na kakalabugin ang mga puso ng mga tao sa pamamagitan ng kalagiman ng pangyayaring ito.

2. Ano bang bagay itong magpa-pakalabog sa mga puso ng mga tao?

3. Ano ba ang magpapabatid sa iyo hinggil dito?

4. Sa Araw na yaon ay napakarami ng mga tao na sila ay parang nagkalat na mga gamugamo na nagkakan-dalaglagan sa apoy.

5. At ang mga kabundukan ay magiging katulad ng mga nagliliparang balahibo na iba't ibang kulay, na kapag ito ay napunta sa iyong kamay at iyong hihipan, ito ay magiging parang mga bula na maglalaho.

6-7. Pagkatapos, ang para sa kanya na naging mabigat ang timbangan ng kanyang kabutihan, ay magiging kalugud-lugod ang kanyang pamumuhay sa '*Al-Jannah*.'

8-9. Subali't siya naman na naging magaan ang timbangan ng kanyang kabutihan at naging mas mabigat ang timbangan ng kanyang mga kasalanan, ang kanyang patutunguhan ay Impiyernong-Apoy.

10. At ano ang magpapabatid sa iyo, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang kaila-ilaliman na ito na tinatawag.

11. Ito ay apoy na pinainit nang sukdulan sa pamamagitan ng paggagatong sa ibabaw nito.

سورة الـــتـــكاثر 102

CII – Sûrat At-Takâthur

[**Kabanata At-Takâthur** – Ang Paligsahan Hinggil Sa Makamundong Bagay]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Nalinlang kayo sa pagsunod sa Allâh (ﷻ) ng inyong pagmamayabang sa pamamagitan ng pagpaparami ng kayamanan at mga anak.

2. At patuloy kayo sa kahibangan at pagkalinlang na ito hanggang sa kayo ay makarating sa mga libingan, at inilibing kayo roon.

3. Hindi ganito ang nararapat, na kayo ay magpalinlang sa pamamagitan ng pagpaparami ng inyong kayamanan, walang pag-aalinlangan, mapatutunayan ninyo, na ang buhay sa Kabilang-Buhay ang mas higit na makabubuti para sa inyo.

4. Muli, hindi ganito ang nararapat, na kayo ay magpalinlang, bagkus ay mag-ingat kayo dahil walang pag-aalinlangang mapatutunayan ninyo ang masamang bunga ng pagkalinlang sa inyo.

5-8. Hindi ganito ang nararapat, na kayo ay magpalinlang sa pamamagitan ng pagpaparami ng inyong kayamanan, kung batid lamang ninyo ang tunay na kaalaman ay lalayo kayo mula rito, at kaagad ninyong ililigtas ang inyong mga sarili mula sa pagkawasak, at walang pag-aalinlangang makikita ninyo ang naglalagablab na Apoy ng Impiyerno.

At muli, walang pag-aalinlangan na ito ay katiyakang makikita ninyo! Pagkatapos, katiyakang tatanungin kayo sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa lahat ng uri ng mga biyaya na ipinagkaloob sa inyo.

سورة العصر 103

CIII – Sûrat Al-`Asr
[**Kabanata Al-`Asr** – Ang Panahon]

بسم الله الرحمن الرحيم
[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1-2. Sumumpa ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng panahon na walang pag-aalinlangang ang lahi ni Âdam ay nasa pagkawasak at pagkatalo.

3. Maliban sa kanila na naging mananampalataya at gumawa ng mababuting gawa, at nagpayuhan sila sa isa't isa sa pananatili sa katotohanan, at pagsunod sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ), at pagtitiis para rito.

سورة الهمزة 104

CIV – Sûrat Al-Humazah
[**Kabanata Al-Humazah** – Ang Naninira Ng Kapwa]

بسم الله الرحمن الرحيم
[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*] – Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Kapighatian at kapahamakan sa sinumang naninira sa mga tao at nanlalait sa kanila.

2. Na siyang nag-ipon ng yaman at wala siyang ginawa kundi bilangin ito.

3. Iniisip niya na may katiyakan sa kanyang sarili na ang kanyang mga kayamanan na kanyang nilikom, na ito ay makapagpapanatili sa kanya rito sa daigdig magpasawalang-hanggan at ligtas siya sa paghuhukom.

4. Ang katotohanan ay hindi ang yaong kanyang iniisip! Kundi walang pag-aalinlangan, itatapon siya sa Apoy na nilalamukos nito ang anumang inihahagis dito.

5. At ano ang makapagpapabatid sa iyo, O Muhammad (ﷺ), sa pagiging totoo ng Apoy na ito na nilalamukos nito ang anumang inihahagis dito?

6-7. Katotohanan, ito ay sinilaban na Apoy ng Allâh, na sa sidhi ng paglalagablab nito ay umaabot ang sidhi ng init nito sa mga katawan (ng tao) na nanunuot patungo sa mga puso.

8-9. Katiyakan, ito ang magpipinid sa kanila, na nagtataasang mga haligi ng Apoy na hindi na sila makalalabas pa roon.

سورة الـــفـــيل 105

CV – Sûrat Al-Fîl [**Kabanata Al-Fîl** – Ang Elepante]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Hindi mo ba nabalitaan, O Muhammad (ﷺ), kung ano ang ginawa ng iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, sa mga nagmamay-ari ng Elepante: na si Abrahah Al-Ashram na taga-Abysinnia at ang kanyang mga sundalo, na ang hangarin nila ay wasakin ang Ka`bah sa Makkah?

2. Hindi ba ginawa Niya ang kanilang masamang balakin na hindi maganap?

3-4. At nagpadala Siya laban sa kanila ng mga ibon, na napakarami, na pinagbabagsakan sila ng mga batong '*Sijjeel*' na gawa sa mainit na luwad.

5. At para silang nagmistulang mga nawasak na mga pananim sa bukirin na ang mga bunga nito ay parang kinain ng mga hayop at itinapon ang tangkay.

سورة قـــريـــش 106

CVI – Sûrat Quraysh

[**Kabanata Quraysh** – (Angkan ng) Quraysh]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1-2. Bilang dakilang kagandahang-loob mula sa Allâh (ﷻ), hinangaan ang pagkakaisa ng mga Quraysh at ang kanilang banayad at patuloy na masaganang pamumuhay, at ang kanilang kaparaanan na paglalakbay sa taglamig patungong timog – Yemen, at sa tag-init pahilaga – Sham, nang walang anumang pinangangambahan, at sa pamamagitan nito ay naging madali para sa kanila ang pagkamit ng anumang kanilang pangangailangan.

3. Na kung kaya, nararapat sa kanila na tumanaw ng utang na loob, at sambahin ang '*Rabb*' na Tagapaglikha na Nagmamay-ari ng Tahanang ito – ang Ka`bah sa Makkah. Na ito ay bilang parangal para sa kanila, upang sambahin nila nang taimtim ang Allâh (ﷻ) na Bukod-Tangi.

4. Na Siya ang nagpakain sa kanila upang hindi sila mangagutom at ginawa silang ligtas mula sa pagkatakot at mga panganib.

سورة الـــماعون 107

CVII – Sûrat Al-Mâ`ûn

[**Kabanata Al-Mâ`ûn** – Ang Mga Maliliit Na Mga Kabutihan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Nakita mo ba ang kalagayan niya na pinasinungalingan ang Pagkabuhay na Mag-uli at Pagbabayad?

2. Na siya ay matinding nagtataboy sa mga ulila mula sa kanilang karapatan dahil sa katigasan ng kanyang puso.

3. At hindi niya hinihimok ang iba na magpakain ng mahihirap, na kung kaya, paano pa kaya niya ito ipatutupad sa kanyang sarili?

4-5. Samakatuwid, matinding kaparusahan at kapahamakan sa mga yaong nagsasagawa ng '*Salâh*' nang may pagkukunwari na wala sa pagiging taimtim nito, na hindi nila ito ginagawa sa tamang kaparaanan at wala ito sa tamang oras na itinakda.

6. Sila ang mga yaong nagsasagawa ng kabutihan nang lantaran para lamang makita ng tao.

7. Ipinagkakait nila ang pagpapahiram ng mga maliliit na bagay na hindi naman nakakaapekto sa kanila kapag ito ay kanilang ipinahiram (na katulad ng kagamitang pambahay), at iba pa, na kung kaya, hindi sila naging mabuti sa pagsamba sa kanilang '*Rabb*' na Tagapaglikha at hindi rin sila naging mabuti sa mga nilikha ng Allâh.

سورة الــكــوثر 108

CVIII – Sûrat Al-Kawthar

[**Kabanata Al-Kawthar** – Isang Ilog Sa Al-Jannah Na Al-Kawthar]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]

Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Katiyakan, ipinagkaloob Namin sa iyo, O Muhammad (ﷺ), ang masaganang kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, na kabilang dito ay ang ilog ng *Kawthar* sa *Al-Jannah*, na sa magkabilang pampang ay mga tolda na gawa sa mga Perlas, at ang lupa nito ay '*musk*,' na ang tubig nito ay mas maputi pa kaysa gatas at mas matamis pa kaysa pulut-pukyutan.

2. Na kung kaya, maging taimtim ka sa lahat ng iyong pagsa-'*Salâh*' sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha, at maghandog ng hayop bilang pag-aalay lamang sa Kanya.

3. Katiyakan, ang para sa kanya na nagalit sa iyo at nagkaroon ng poot sa dala-dala mong gabay at liwanag, ay ipagkakait ang anumang kasaganaan at kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.

سورة الـــكـــافرون 109

CIX – Sûrat Al-Kâfirûn
[**Kabanata Al-Kâfirûn** – Ang mga Walang Pananampalataya]
بسم الله الرحمن الرحيم
[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ), sa kanila na hindi naniwala sa Allâh at sa Kanyang Sugo: "*O kayong mga hindi naniniwala sa Allâh*.

2. "*Hindi ko sasambahin ang anumang sinasamba ninyo na mga rebulto at mga diyus-diyusan na walang kabuluhan*.

3. "*At kayo ay hindi rin ninyo sasambahin ang aking sinasamba na Bukod-Tanging Nag-iisa*, *na Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin*.

4. "*At ako*, *kailanman ay hindi mangyayari na sasamba sa mga sinasamba ninyo na mga rebulto at mga huwad na mga diyos*.

5. "*At kailanman ay hindi kayo sasamba sa aking sinasamba*.

6. "*Na kung kaya*, *sa inyo na lamang ang inyong* '*deen*' (*o relihiyon*) *na inyong pinagpipilitan na sundin*, *at sa akin na lamang din ang aking* '*Deen*,' *na hindi na ako maghahangad ng iba pa*."

سورة الـــنـــصـــر 110

CX – Sûrat An-Nasr [**Kabanata An-Nasr** – Ang Tulong]
بسم الله الرحمن الرحيم
[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Kapag naganap na, O Muhammad (ﷺ), ang iyong pagkapanalo laban sa mga walang pananampalataya na mga Quraysh, at naganap na sa iyo, ang tagumpay sa pamamagitan ng pagpasok mo sa Makkah.

2. At nakita mo ang maraming tao na papasok sa Islâm na '*Deen*' ng Allâh (ﷻ), nang grupu-grupo.

3. Kapag ito ay naganap, samakatuwid ay ihanda mo na ang iyong sarili sa pakikipagharap sa iyong '*Rabb*' na Tagapaglikha sa pamamagitan ng patuloy na pagpuri bilang pasasalamat sa Kanya, at patuloy na paghingi ng kapatawaran, dahil walang pag-aalinlangan, Siya ang Ganap na Mapagpatawad sa mga pumupuri at humihingi ng kapatawaran sa Kanya, na pinatatawad sila at minamahal, at tinatanggap ang kanilang pagbabalik-loob.

سورة الـــمـــســـد 111

CXI – Sûrat Al-Masad [**Kabanata Al-Masad** – Ang Hibla ng Palmera]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Pagkawasak at tuluyang pagkabigo sa dalawang kamay ni Abû Lahab dahil sa kanyang pamiminsala sa Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad (ﷺ), at walang pag-aalinlangang ito ay tunay na naganap sa kanya.

2. Hindi naging kapaki-pakinabang sa kanya ang kanyang kayamanan at anak, na kung kaya, kailanman ay walang magagawa ang mga ito sa kanya upang siya ay iligtas mula sa kaparusahan ng Allâh (ﷻ) kapag ito ay dumating na sa kanya.

3-4. Walang pag-aalinlangan, siya ay papapasukin sa naglalagablab na Apoy, at gayundin ang kanyang asawa na siyang nagdadala ng mga tinik upang ito ay ikalat sa dinaraanan ng Propeta bilang pamiminsala sa kanya.

5. Na nakapulupot nang mahigpit sa kanyang leeg ang lubid na magaspang ng '*Masad*' – hibla ng puno ng palmera, at iniaangat siya sa pamamagitan nito sa Impiyernong-Apoy, pagkatapos ay ihahagis siya tungo sa kaila-ilaliman nito.

سورة الإخلاص 112

CXII – Sûrat Al-Ikhlâs
[**Kabanata Al-Ikhlâs** – Ang Kadalisayan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



1. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Siya ang Allâh* (ﷻ) *na* '***Ahad***' – *Bukod-Tangi at Nag-iisa na ang pagsamba ay para lamang sa Kanya*, *na wala Siyang katambal na kahit na sinuman*.

2. "*Ang Allâh* (ﷻ) *ay* '***As-Samad***' – *ang Bukod-Tangi na inaasahan ng Kanyang mga nilikha sa lahat ng kanilang pangangailangan*, *Ganap*, *walang kakulangan at walang pangangailangan*.

3. "*Kailanman ay hindi Siya nagsilang at kailanman ay hindi Siya nagkaroon ng anak*, *at kailanman ay hindi Siya isinilang o ipinanganak at wala Siyang asawa*.

4. "*At wala Siyang pangnilikhang katangian at kailanman ay walang maihahalintulad sa Kanya*, *sa Kanyang Pangalan*, *sa Kanyang mga Katangian at sa Kanyang mga Gawain*, *na luwalhati sa Kanya na Kataas-Taasan*."

سورة الـــفـــلق 113

CXIII – Sûrat Al-Falaq [**Kabanata Al-Falaq** – Ang Pagbubukang-liwayway]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Nagpapakupkop ako at hinihingi ko ang kalinga ng Allâh* (ﷻ) *na* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng* '*Falaq*,' *na ito ay pagbubukang-liwayway*.

2. "*Mula sa kasamaan ng lahat ng nilikha at sa mga kapinsalaan na maidudulot nito*.

3. "*At mula sa kasamaan ng matinding kadiliman kapag kumalat na ang gabi nito at sa anumang kasamaan at mga nakapipinsala na nangyayari rito*.

4. "*Mula sa mga nagsasagawa ng karunungang itim na mga kababaihan na hinihipan nila ang kanilang mga ibinuhol na tali*, *na ito ay kanilang pinagbubuhul-buhol bilang pangkukulam*.

5. "*At mula sa kasamaan ng sinumang mainggitin kapag kinapopootan na niya ang mga tao dahil sa mga biyayang ipinagkaloob ng Allâh* (ﷻ) *sa kanila*, *na kapag siya ay naiinggit ay nais niyang mawala ito sa kanila*."

سورة الــنــاس 114

CXIV – Sûrat An-Nâs [**Kabanata An-Nâs** – Ang Sangkatauhan]

بسم الله الرحمن الرحيم

[*Bismillâhir Rahmânir Raheem*]
Sa Ngalan ng Allâh, ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal

1. Sabihin mo, O Muhammad (ﷺ): "*Nagpapakupkop ako at hinihingi ko ang kalinga ng Allâh* (ﷻ) *na* '*Rabb*' *na Tagapaglikha ng sangkatauhan*, *na Bukod-Tanging Makapangyarihan na pigilin ang kasamaan ng sinumang nanlilinlang*.

2. "*Ang* '*Malik*' *– Hari ng mga tao na Siyang Bukod-Tanging Tagapangasiwa sa lahat ng kanilang mga kalagayan*, *na Malaya at hindi nangangailangan sa kanila*,

3. "*Ang* '*Ilâh*' *o Diyos na sinasamba ng sangkatauhan na Siya lamang ang Bukod-Tangi na may karapatan at karapat-dapat lamang na sambahin*.

4. "*Mula sa kapinsalaan ni* '*Shaytân*' *na nambubuyo sa oras ng pagkalimot ng tao sa pagkakaalaala sa Allâh* (ﷻ) *at naglalaho kapag naalaala ang Allâh* (ﷻ).

5. "*Na siya ang nambubuyo ng kasamaan at naglalagay ng pag-aalinlangan sa mga dibdib ng mga tao*.

6. "*Mula sa mga* '*Shaytân*' *na nagmula sa lahi ng* '*jinn*' *at nagmula sa lahi ng tao*."

~TALATINIGAN~

ANG KAHULUGAN NG MGA PANG-ISLAMIKONG TERMINO

Â-dhã — Ang anumang uri ng mga nakasasakit na salita o gawaing nagpapahiwatig na siya ay nakahihigit sa iba, o kabilang sa mga maruruming bagay. Mangyari lamang ay tingnan ang karagdagang paliwanag nito sa mga talata 262-264 ng '*Sûratul Baqarah*.'

Ahlul Kitâb — Nagtatangan ng mga Kasulatan, bilang pagkilala, bilang pagpapaalaala at babala sa kanila, tinawag ang mga Hudyo at mga Kristiyano sa Dakilang Qur'ân na mga '*Ahlul Kitâb*' – "*O kayo na nagtatangan ng mga naunang Kasulatan.*"

Al-`Âlamîn — Mga tao, mga '*Jinn*' at ang lahat ng mga nilalang.

(ﷺ) — '*`Alayhis Salâm*' o '*`Alayhas Salâm*' – mga salitang binibigkas pagkatapos banggitin ang sinumang Propeta ng Allâh bilang pagbibigay-galang, na ang ibig sabihin ay: "*Nawa'y pagkalooban siya ng Allâh ng kaligtasan sa bawa't kasamaan, paninirang-puri o di-kaganapan.*"

Âmeen — Dinggin mo, O Allâh ang aming panalangin.

`Arafat* — '*`Arafat' o '*`Arafah*' – Isang kilalang lugar na malapit sa Makkah na kung saan ang lahat ng mga '*Hujaj*' o nagsasagawa ng '*Hajj*' ay karapat-dapat na manatili roon sa ika-9 ng '*Dhul Hijjah*.'

Asbât — '*Al-Asbât*' – Sila ang mga Propetang ipinadala sa labindalawang Angkan ni Isrâ`îl mula sa mga anak ni Ya'qûb (Jacob ﷺ).

Âyât o *Âyah* — Mga katibayan, mga pagpapatotoo, mga babala, mga talata, mga aral, mga rebelasyon, mga palatandaan; at yaong dinala ng Huling Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ).

Badr — Isang lugar na ang layo ay humigit-kumulang sa 150 Kilometro mula sa timog ng lunsod ng Al-Madinah (Medina). Sa lugar na ito naganap ang kauna-unahang dakilang labanan sa kasaysayan ng Islâm noong kapanahunan ng Huling Propeta at Sugo na si

Muhammad (ﷺ), sa pagitan ng mga mananampalataya at mga walang pananampalataya na mga Quraysh.

Bahĩrah — Ito ay isang babaing kamelyo na pinuputulan ng tainga kapag ito ay nanganak nang marami at ang gatas nito ay iniaalay sa mga idolo at walang sinuman ang pinahihintulutan na maggatas nito.

Barzakh — Ang '*Barzakh*' ay isang partisyon, tabing o harang na nasa pagitan ng '*Buhay sa Daigdig*' at '*Buhay sa Araw ng Muling Pagkabuhay.*' Sa katunayan, lima ang yugto na madaraanan sa buhay ng isang tao: **Una**, ang buhay sa loob ng sinapupunan (o isang ligtas na lugar); **Ikalawa**, ang buhay dito sa daigdig; ang **Ikatlo**, ang buhay sa '*Barzakh*;' ang **Ikaapat**, ang Buhay sa Araw ng Muling Pagkabuhay; at ang **Ikalima**, ang Buhay na Walang-Hanggan – sa '*Al-Jannah*' (Hardin) o sa Impiyernong-Apoy ('*Jahannam*').

Ang ikatlong yugto na buhay sa '*Barzakh*,' ay nagsisimula sa '*Oras ng Kamatayan hanggang sa dumating ang Araw ng Muling Pagkabuhay.*' Ang lahat ng taong namatay ay naroon sa lugar na yaon ng '*Barzakh*.' Naroroon sila hanggang sa dumating ang Araw na ang lahat ay Bubuhayin na Mag-uli. Ito ay isang espirituwal na daigdig, sa lugar na ito, nangingibabaw ang espirituwal nating katauhan kaysa pisikal nating katauhan.

Samantalang habang tayo ay naririto pa sa daigdig, ang pisikal nating katauhan ang siyang nangingibabaw kaysa espirituwal, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay bubuhayin tayong muli at ibabalik ang ating kaluluwa sa ating pisikal na katawan, at pantay na iiral ang ating pisikal at espirituwal na katauhan, at wala na tayong kamatayan pagkatapos nito. Kung sino tayo rito sa daigdig ay yaon din tayo sa Kabilang-Buhay.

Bid`ah — Mga ginawang pagbabago sa katuruan at pananampalataya ng '*Deen Al-Islâm*' nang walang pinagbabatayan.

Deen — Batas, sistema o pamamaraan ng pamumuhay. Isinalin bilang '*Relihiyon*,' na kung kaya nabigyan ito ng maling pakahulugan. Sapagka't ang salitang '*Deen*' ay hindi lamang tumutukoy sa *relasyon o pakikipag-ugnayan ng tao sa Lumikha sa kanya*, kundi kasama rin sa kahulugan nito ang *relasyon o pakikipag-*

ugnayan ng tao sa kanyang sarili, sa kanyang kapwa at sa kanyang kapaligiran. Samakatuwid, ito ay isang batas, sistema o pamamaraan ng pamumuhay na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) para sa lahat ng mga nilalang. Ito ang katuruan na dinala ng lahat ng mga Propeta at mga Sugo sa bawa't henerasyon upang maging pamantayan sa pamumuhay ng tao. Tinatawag ito sa wikang '*Arabic*' na '*Deen Al-Islam*:' '***Deen***' – na ang ibig sabihin ay batas, sistema o pamamaraan ng pamumuhay, '***Al-Islâm***' – na ang ibig sabihin ay pagsamba, pagtalima at pagsuko sa Allâh (ﷻ); at pagsunod sa Kanyang kautusan. '***Deen Al-Islâm***' – batas o pamamaraan ng pamumuhay na nababatay sa pagsamba, pagtalima at pagsuko sa Allâh (ﷻ); at pagsunod sa Kanyang kautusan.

Sa madaling salita, ang anumang batas, sistema o pamamaraan ng pamumuhay na kaiba kaysa rito, na ang ibig sabihin ay hindi nagmula sa Tagapaglikha, na tao na lamang ang gumawa at nagbalangkas; o katuruan man ng mga naunang Propeta at Sugo subali't wala na ang mga ito sa orihinal na kaanyuan, dahil sa ito ay binago at dinumihan na; na kung kaya, ang mga ganitong katuruan ay tinatawag nang '***Deen***' o '***Relihiyon***' na Gawa ng Tao – '**Man-made Religion**.' Na ang lahat ng batas o pamamaraan ng pamumuhay na umiiral sa lipunan na salungat sa '***Deen Al-Islâm***' ay tinatawag na '***Deen***' o '***Relihiyon***' na ginawa na lamang ng Tao. Samakatuwid, dalawa ang uri ng '*Deen*:' ang nagmula sa Tagapaglikha na siyang dinalang katuruan ng lahat ng mga Propeta at Sugo; at ang isa ay ang batas o uri ng pamumuhay na tao na lamang ang siyang nagbalangkas o gumawa nito, na ang ganitong panuntunan ang siyang pinili at pinaiiral ng karamihan ng mga tao sa kanilang lipunan at tunay na iniisang-tabi na lamang ang itinalaga ng Allâh (ﷻ) na para sa kanila.

At kapag ang batas na gawa ng tao ang ginagamit na panuntunan sa pamumuhay, ay lalabas na mas matalino pa ang tao kaysa sa Lumikha sa kanya, dahil sa hindi niya pagtangkilik sa "Deen ng Allâh (ﷻ)" bilang pamamaraan ng pamumuhay na binalangkas para sa kanya. At sa ganitong kadahilanan, minaliit mismo ng tao ang kanyang sarili at inalisan niya ito ng karapatan; dahil ipinantay niya ang batas na gawa ng tao sa batas ng Allâh (ﷻ), na isang kahiya-hiya at paghamak sa bahagi ng tao.

Dhãt — Ang pagiging Siya Mismo ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Sarili ayon sa Kanyang Kamaharlikaan at Kadakilaan.

Dîyah — Isang sapat na halaga, bilang kabayaran ng nakapatay sa mga kamag-anak ng napatay, sa kaso na hindi sinasadyang pagpatay; o kapag nagpatawad ang pamilya ng biktima sa kaso na pagpatay nang sadya.

Dzâlimîn — '*Dzâlimîn*' *o* '*Dzâlimûn*' – Pang-aapi sa kapwa, sumamba sa mga idolo, rebulto, mga diyus-diyusan at sa iba pa bukod sa Allâh (ﷻ); nagsagawa ng mga kasamaan, lumabag sa hangganang itinakda ng Allâh, dinaya ang mga sarili sa pamamagitan ng paggawa nila ng mga kasalanan. At ang pinakasukdulan na '*Dhulm*' (kasamaan) ay ang pagsamba sa iba bukod sa Allâh (ﷻ) o paglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh (ﷻ), na tinatawag na '*Shirk.*'

Fitrah — Ang '*Fitrah*' ay tumutukoy sa pang-Islam na Monoteismo – ang dalisay na pagsuko at namumukod-tanging pagsamba sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ). Inilagay ng Allâh (ﷻ) sa bawa't tao ang '*Fitrah*' na ito. Sinabi ni Propeta Muhammad (ﷺ), (batay sa pagkakasalin ng kahulugan): "*Ang lahat ng mga sanggol ay isinilang na nasa kalagayan ng* '*Fitrah*,' *pagkatapos ay ginawa lamang sila ng kanilang mga magulang na Kristiyano*, *Hudyo at Zoroastrianismo.*" Sa pagkakapahayag na ito, pinatutunayan na ang bawat isa ay nagtataglay ng likas na katangian sa kanyang sarili – na pagkakakilala at pagkakaalam na mayroong Nag-iisa at Tanging Tagapaglikha ayon sa tamang konsepto nito. Batid ng bawat isa sa atin ang dalisay na pagsamba sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ). Ang '*Fitrah*' na ito ay ang likas na '*Deen*' (o Relihiyon) ng tao, na kasingkahulugan ng salitang Islâm: "*Kaya, ituon mo ang iyong mukha* (*buong sarili*) *sa tunay na* '*Deen.*' *Ang* '*Fitrah*' *ng Allâh* (ﷻ), *na sa* '*Fitrah*' *na ito ginawa Niya ang tao. Walang pagbabago sa Deen ng Allâh* (ﷻ): *ito ang matuwid na* '*Deen*,' *subali*'*t karamihan sa mga tao ay hindi nakababatid.*" Ang Pagkakasalin ng Kahulugan, Qur'ân 30:30.

Fum — Mga halaman na ang mga buto o butil ay ginugulay, kinakain o niluluto na tulad ng trigo, bawang at iba pa.

Ghanîmah — '*Ghanîmah*' o '*Ghanâim*' (Pangmaramihan) – Mga bagay na nakuha sa panahon ng digmaan.

Hadath — *Hadath Akbar* – malaking pangyayari na naganap, na kakailanganin ang pagsasagawa ng '*ghusl*' o pagpapaligo ng buong katawan, na tulad halimbawa ng paglabas ng semilya na sanhi ng pagtatalik, '*wet dreams*' at iba pa; ang pagkakaroon ng buwanang dalaw (o regla) ng mga kababaihan o pagdurugo na sanhi ng panganganak. '*Hadath Asghar*' – maliit na pangyayari na naganap, na kakailanganin ang pagsasagawa ng '*wudhû`*,' na tulad ng pag-ihi, pagdumi o di kaya ay paglabas ng hangin sa pribadong bahagi sa likuran.

Hadi — Isang uri ng hayop (maging ito man ay kamelyo, baka, tupa o kambing) na inaalay sa Allâh (ﷻ) ng mga nagsasagawa ng '*Hajj.*'

Hajj — Ang literal na kahulugan ng salitang '*Hajj*' ay ang magtungo sa isang lugar, subali't ang Islamikong kahulugan nito ay paglalakbay sa Makkah [ang kauna-unahang lugar na itinayo nang alang-alang sa Pagsamba sa Allâh (ﷻ), isang banal na lugar, tinatawag din itong Tahanan ng Pagsamba sa Allâh (ﷻ)], na nasa kalagayan o pagkakasuot ng '*Ihrâm*' sa mga buwan ng '*Hajj*' (ang mga buwan ng '*Shawwal*,' '*Dhul Qa`dah*' at '*Dhul Hijjah*') at pagsasagawa doon ng mga pangrelihiyon na gawain batay sa pamamaraang ipinaliwanag at isinagawa ni Propeta Muhammad (ﷺ).

Halal — Naaalinsunod sa batas, ipinahihintulot.

Hãm — Ito ay isang lalaking kamelyo na bibigyang-laya at hindi na gagamitin sa mga gawain bilang pag-aalay sa mga diyus-diyusan, kapag nakapagpanganak ito ng maraming kamelyo batay sa itinakda nilang bilang para rito.

Haram — Ipinagbabawal, labag sa batas.

Haydh — '*Al-Haydh*' – Buwanang dalaw, ito ay dugong lumalabas sa mga kababaihan, isang natural at likas na nangyayari sa takdang panahon.

Hijrah — Ang literal na kahulugan nito ay '*pangingibang-bayan.*' Ito ay ginagamit sa mga sumusunod:

1.) Ang pangingibang-bayan o '*hijrah*' ng mga Muslim mula sa bayan ng mga kaaway patungo sa ligtas na lugar dahil sa pangrelihiyon na kadahilanan;

2.) Ang mga kauna-unahang Muslim na nangibang-bayan noong kapanahunan ni Propeta Muhammad (ﷺ) mula sa Makkah patungong Abysinnia (na ngayon ay tinatawag itong Ethiopia), na pagkatapos nilang mamalagi roon ng ilang taon na mapayapa ay nagtungo sila sa Al-Madinah;

3.) Ang pangingibang-bayan ni Propeta Muhammad (ﷺ) mula sa Makkah patungong Al-Madinah;

4.) At tumutukoy din ito sa taon ng Islamikong kalendaryo, na ang pagbilang nito ay nagsimula mismo sa araw ng pangingibang-bayan ni Propeta Muhammad (ﷺ) mula sa Makkah patungong Al-Madinah.

Hudhaybiyyah — Isang kilalang lugar na ang layo ay humigit-kumulang sa 16 na kilometro mula Makkah sa daan patungong Jeddah. Sa lugar na ito naganap ang '*Dhul Hudhaybiyyah*' (ang kasunduan sa lugar ng Hudhaybiyyah), noong ika-6 na taon ng '*Hijrah*' sa pagitan ni Propeta Muhammad (ﷺ) at ng mga '*Quraysh*,' na siya at ang kanyang mga '*Sahâbah*' (kasamahan) ay hindi pahihintulutang magsagawa ng ' `*Umrah*' sa taon na yaon. Dahil sa mapayapang kasunduang ito ay nagkaroon ng pagkakataon ang mga Muslim na ipalaganap ang katotohanan na naging sanhi ng pagyakap ng karamihan sa Islâm.

Ibâdah — Isinalin sa wikang Filipino na '*Pagsamba*,' subali't napakalawak ang kahulugan nito, saklaw nito ang lahat ng bagay na minamahal ng Allâh (ﷻ) at kalugud-lugod sa Kanyang paningin, maging ito man ay sa pamamagitan ng mga pananalita o mga pagkilos, isinasagawa man ito nang lantaran o palihim. Mula sa pagsa-'*Salâh*' hanggang sa pagbibigay ng '*Zakâh*,' pag-aayuno, pagsasagawa ng '*Hajj*,' pagiging matapat sa pananalita, pagtupad sa ipinagkatiwala sa iyo; sa pagiging mabuti sa mga magulang, pamilya, asawa at mga anak; sa pagpapanatili ng mabuting ugnayan sa mga kamag-anak, pagtupad sa pangako, pag-uutos sa pagsagawa ng kabutihan at pagbabawal sa pagsagawa ng kasamaan, pakikipaglaban sa daan ng Allâh (ﷻ) laban sa mga walang pananampalataya at mapagkunwari; pagiging mabait at mapagbigay sa mga kapitbahay, mga ulila, mga mahihirap,

pulubi at mga taong nangangailangan, sa mga manlalakbay, at maging sa mga hayop; pananalangin, pag-aalaala sa Allâh (ﷻ), pagbabasa ng Qur'ân at iba pang mga katulad nito – ang lahat ng mga ito ay mga uri o halimbawa ng mga '*Ibâdah*,' na tanging isinasagawa nang alang-alang lamang sa Allâh (ﷻ), nang walang halong pag-iimbot at pagkukunwari, at hindi pakitang-tao lamang.

Iddah — Ang ipinag-utos ng Allâh (ﷻ) na itinakdang paghihintay na gagawin ng isang babaing hiniwalayan (diniborsiyo) o nabiyuda (namatayan ng asawa), at pagkatapos ng palugit na ito ay maaari na siyang mag-asawang muli.

Ihrâm — Dalawang pirasong kasuotan – damit o telang walang-tahi: ang pang-ibaba ay tinatawag na '*Izâr*,' ibinabalot ito sa palibot ng baywang (matatakpan ang bahaging itaas ng pusod hanggang sa pababang bahagi ng lampas sa tuhod – ito ang '*awrah*' ng mga kalalakihan); at ang pang-itaas naman ay tinatawag na '*Ridâ`*,' na ibinabalabal sa katawan. Ang kasuotang ito ang isinusuot ng isang magsasagawa ng '*Hajj*' o '*`Umrah*;' at nararapat na kasama ang intensiyon sa gagawin niyang pagsusuot ng '*Ihrâm*.'

I'itikaf — Ito ay ang pananatili sa loob ng '*Masjid*' sa nakatakdang panahon, na kusa at sariling kagustuhan, para sa pagsasagawa ng mga '*Salâh*' at mga panalangin, na pansamantalang iiwan ang mga makamundong gawain, nang sa gayon ay mapalapit sa Allâh (ﷻ).

Imân — '*Imân*' o '*Eemân*' – paniniwala at tamang konsepto hinggil sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang mga Kautusan.

Ihsân — Ang pinakamataas na antas ng mga gawa at pagsamba. Kaganapan sa pananampalataya dahil sa nagpantay sa kanyang pananaw ang mga nakikita at di-nakikita, na naitanim sa kanyang kalooban at kaisipan, na ang Allâh ay ganap na nakamasid sa kanya sa lahat ng pagkakataon, na kung kaya, ingat na ingat siya sa kanyang sarili na makagawa ng mga paglabag at pagkakasala.

Islâm — Ito ang pangalan ng '*Deen*' (na isinalin bilang Relihiyon) na ipinagkaloob ng Allâh (ﷻ) sa lahat ng mga nilikha. Ito ang ipinadala Niya sa bawa't Propeta at Sugo, sa bawa't henerasyon, sa bawa't lipi; na ang kahulugan nito ay pagpapasailalim,

pagpapasakop, pagtalima, pagsuko at pagsamba sa Nag-iisang Tunay at Tanging Diyos – ang Allâh (ﷻ); at pagsunod sa Kanyang mga kautusan. Ito ang '*Deen*' ng kauna-unahang taong nilikha Niya, ang ating ninunong si Âdam (عليه السلام), at ng lahat ng mga Propetang isinugo Niya. Sa Katunayan, ang lahat ng mga isinugo ng Allâh (ﷻ) na nauna kay Propeta Muhammad (ﷺ), ay Islâm din ang kanilang pamamaraan at pamamahayag; at kumikilos din sila nang naaayon sa katuruan ng Islâm. Ito ang ginagamit nila bilang pamamaraan ng kanilang pamumuhay sa lahat ng antas, situwasyon at larangan ng kanilang buhay. Hindi lamang ito nauukol sa pakikipag-ugnayan ng tao (o nilikha) sa Lumikha sa kanya, na tinatawag nilang espirituwal na aspeto ng pamumuhay; kundi sakop din nito ang pakikipag-ugnayan ng tao sa kanyang kapwa, sa kanyang sarili at sa kanyang kapaligiran: isang kumpletong uri ng pamumuhay, na tinataglay ang batas o sistema sa lahat ng larangan ng buhay ng tao (mapaespirituwal man ito o mapamateryal), na ang Allâh (ﷻ) ang Siyang nagpanukala at naghayag nito sa Kanyang mga Sugo. '*Deen Al-Islâm*,' o Relihiyong Islâm – ang katawagang nakagawian ng tao.

Jamarah '*Jamarah*' *o* '*Jamarat*' (pangmaramihan) – Ang tatlong nakatayong mga haliging bato, na matatagpuan sa magkakahiwalay na lugar sa Mina. Ang isa sa mga ritwal na gawain sa '*Hajj*' ay ang pagbabato sa mga nakatayong haliging ito. Ito ay isinasagawa bilang pagsunod sa ipinag-utos ni Propeta Muhammad (ﷺ). Sa lugar na ito ng Mina, isinakripisyo ni Ibrâhim (عليه السلام) ang kanyang anak na si Ismâ`îl (عليه السلام). Noong sila ay papunta na sa lugar na kung saan niya isasaganap ang pag-aalay sa kanyang anak, nagpapakita ang '*Shaytân*' sa kanilang dinaraanan at binubuyo silang huwag itong isagawa, at sa tuwing ito ay nagpapakita sa kanila ay binabato ito ni Ibrâhim (عليه السلام). Eksakto sa lugar na kung saan nagpakita ang '*Shaytân*' ay matatagpuan ang tatlong nakatayong mga haliging bato; at sa buwan ng '*Hajj*,' isinasagawa ang pagbabatong ito bilang paggunita sa katapatan at taimtim na pagsunod ni Ibrâhim (عليه السلام) sa mga ipinag-utos ng Allâh (ﷻ). Batid nating sa halip na si Ismâ`îl (عليه السلام) ang naisakripisyo, ang Allâh (ﷻ) ay nagbaba ng tupa upang ito ang maialay ni Ibrâhim (عليه السلام).

Janâbah Ang kalagayan ng isang tao pagkatapos ng naganap na pagtatalik sa kanyang asawa, o pagkatapos na nangyari ang isang '*wet*

dream' o iba pa na naging sanhi ng paglabas ng semilya. Ang isang tao na nasa ganitong kalagayan ay nararapat na magsagawa ng '*ghusl*' o pagpapaligo ng buong katawan, o di kaya ay '*tayammum*' bilang panghalili kapag makasasama sa kanya ang humipo ng tubig o maligo.

Jannah – '*Al-Jannah*' o '*Al-Jannât*' (pangmaramihan) – isinalin bilang '*Paraiso*' subali't ito ay tumutukoy sa mga hardin o hardin na may mga ilog na umaagos sa ilalim ng mga nagtataasang palasyo at ng mga punong may mga lilim. Ang gantimpalang walang-hanggan sa Kabilang Buhay.

Jihâd – Pagpupunyagi nang alang-alang sa Allâh (ﷻ) o pakikipaglaban sa Daan ng Allâh: Pagpupunyagi upang mapanatili ang sarili sa pagsunod, sa kadalisayan, kalinisan at kabutihan; pagpupunyagi na ipalaganap ang katotohanan upang mangibabaw ang Salita ng Allâh. Pakikipaglaban sa mga kalaban ng Allâh na sumisira at humaharang sa Kanyang Daan.

Jinn – Kung ang tao ay nilikha sa alabok at ang mga anghel ay nilikha sa liwanag, ang mga '*Jinn*' naman ay nilikha mula sa matinding lagablab ng apoy na walang usok. Sila ay hindi nakikita ng mga tao, mayroong mga kalalakihan sa kanila at mayroon ding mga kababaihan, may mga masasama sa kanila at mayroon ding mga mababuti. Kabilang sa lahi ng mga '*Jinn*' ay si Iblees ('*Shaytân*') na sumuway sa Allâh (ﷻ) – Qur'ân 18:50; na kung kaya, siya ay isinumpa ng Allâh (ﷻ). Si Iblees at ang kanyang mga tagasunod ang mga nambubuyo sa puso ng tao, na ang Allâh (ﷻ) ay nagbigay ng babala laban sa kanila na sila ang lantarang kaaway ng mga tao. Na gagawin nila ang lahat ng paraan upang maisama nila ang mga tao sa Impiyernong-Apoy, subali't ang mapupunta lamang sa Impiyerno na kasama nila ay yaong susunod sa panlilinlang ni Iblees (Satanas) at ng kanyang mga tagasunod.

Jizyah – Ito ay buwis na ipinapataw ng Islâm sa lahat ng di-Muslim na nasa ilalim ng pangangalaga ng Pamahalaang Islâmiko.

Ka`bah – Isang simpleng kubikong (may anim na magkakasinglaking gilid na kuwadrado) istraktura, ang pinakauna o pinakamatandang istrakturang itinayo nang alang-alang sa pagsamba sa Allâh (ﷻ). Tinatawag din itong '*Baytullâh*' – ang Tahanan ng Pagsamba sa Allâh (ﷻ).

Khâsi`in* – ‘*Al-khâsi`in’ o ‘*Al-khâsi`un*’ – ang mga tunay na mananampalataya sa Allâh (ﷻ), yaong mga sumunod sa Allâh (ﷻ) na may ganap na pagsuko at pagtalima, na hinahangad ang mga biyaya at kagandahang-loob mula sa Kanya, na may labis na pagkatakot mula sa Kanyang kaparusahan, at naniniwala sa Kanyang Pangako na ‘*Al-Jannah*’ (Hardin) at sa Kanyang babala na Impiyernong-Apoy.

Khushû` – Kadalisayan, ganap na kataimtiman at pagpapakumbaba sa pagsamba sa Allâh (ﷻ), na malayo sa pagpapakitang-tao o pagkukunwari.

Kufr – Ang pagtanggi sa katotohanan, ang pagtanggi sa Allâh (ﷻ), at sa Kanyang mga Propeta at Sugo, sa lahat ng mga Anghel, sa lahat ng mga Banal na Aklat, sa Araw ng Muling Pagkabuhay at sa ‘*Al-Qadr*’ – ang pagkakatakda ng lahat ng bagay sa tamang sukat.

Mahr – Isinalin bilang dote, na ito ay utos mula sa Allâh (ﷻ) na ibibigay ng lalaki sa kanyang mapapangasawang babae bilang regalo at pagpapahalaga sa kanya sa oras ng kanilang kasal at tanda ng pagmamahal. Ito ay hindi para sa mga magulang o kapatid kundi para sa babaing pakakasalan, gayunpaman, kung nais niya itong ibigay sa kanyang mga magulang o di kaya ito ay itabi niya, walang sinuman ang maaaring manghimasok dahil sa ito ay karapatan niya.

Manâsik – Ang mga gawain sa ‘*Hajj*’ at ‘*`Umrah*’ na tulad halimbawa ng pagsusuot ng ‘*Ihrâm*’ – dalawang uri ng kasuotan, pang-ibaba at pang-itaas na kadalasan ay kulay puti at walang tahi; pagsasagawa ng ‘*Tawâf*’ o pag-ikot sa ‘*Ka`bah*;’ pagsasagawa ng ‘*Sa`ey*’ o paglalakad (paroon at parito) sa dalawang maliliit na bundok ng ‘*As-Safa*’ at ‘*Al-Marwah*;’ pananatili sa lugar ng ‘*`Arafat*,’ ‘*Muzdalifah*’ at ‘*Mina*;’ ‘*Ramy*’ o pagbabato sa mga ‘*Jamarat*;’ pagkatay ng ‘*Hadi*’ o pagsasakripisyo ng hayop; at iba pa.

Mash`ar Al-Harâm (Muzdalifah) – Isang kilalang lugar na malapit sa Makkah, na kung saan ang mga ‘*Hujaj*’ o nagsasagawa ng ‘*Hajj*’ ay tumitigil at nananatili sa lugar na yaon nang magdamagan (natutulog sa

lugar na yaon) o mahabang bahagi ng gabi sa ika-10 ng buwan ng '*Dhul Hijjah*.'

Maqâm Ibrâhîm — Ang batong tinuntungan ni Propeta Ibrâhîm (عليه السلام) habang itinatayo nila noon ng kanyang anak na si Propeta Ismâ`îl (عليه السلام) ang '*Ka`bah*,' na bumakat doon ang mga bakas ng kanyang mga paa. Ito ay matatagpuan sa ngayon, ilang agwat sa harapan ng pintuan ng '*Ka`bah*.'

Maytah — '*Al-Maytah*' – mga hayop na hindi kinatay ayon sa batas ng Islâm. '*Double-dead Animal*' – patay na hayop, at pagkatapos ay kinatay pa rin para kainin.

Mihrâb — '*Al-Mihrâb*' – isang lugar na dasalan o isang pribadong silid.

Mina — Isa sa mga lugar na tinitigilan ng mga nagsasagawa ng '*Hajj*.' Ang lugar na yaon ay matatagpuan sa labas ng Makkah patungong '*`Arafat*,' walong kilometro mula sa Makkah at labing-anim na kilometro naman mula sa '`*Arafat*.' Sa lugar na yaon isinakripisyo ni Ibrâhîm (عليه السلام) ang kanyang anak na si Ismâ`îl (عليه السلام), na kung saan ginugunita ng mga Muslim ang kanyang katapatan at pagiging masunurin sa Allâh (سبحانه وتعالى), taun-taon sa buwan ng '*Hajj*.'

Muhâjireen — Ang sinuman sa mga naunang Muslim na nangibang-bayan mula sa alinmang lugar patungong Al-Madinah, noong kapanahunan ni Propeta Muhammad (ﷺ) bago nasakop ang Makkah; kabilang din sa kahulugan nito ang isa na nangibang-bayan nang alang-alang sa Allâh (سبحانه وتعالى), at ang isa na tinalikuran ang lahat ng bagay na ipinagbawal ng Allâh (سبحانه وتعالى).

Mujrimûn — Mga kriminal, mga masasama, mga makasalanan, mga tumanggi sa Kaisahan ng Allâh, mga sumamba ng iba bukod sa Allâh o naglagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh.

Murtad — Lumabas sa katuruan ng Islâm o di kaya ay tinanggihan ang ilang bahagi ng Islâm, na ito ay kanyang idineklara nang hayagan.

Mushrikûn — '***Mushrikin***' **o** '***Mushrikûn***' **(**mga kababaihan at kalalakihan), '***Mushrik***' (isang lalaki), '***Mushrikah***' (isang babae), '***Mushrikât***' (mga kababaihan) – ang nakagawa ng pagkakasala na '***Shirk***;' naglagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh (سبحانه وتعالى);

sumamba sa mga idolo, santo, rebulto, imahen, mga diyus-diyusan, mga inanyuang bagay, mga tao, mga propeta at iba pa; mga pagano; hindi naniwala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa Kanyang Sugong si Propeta Muhammad (ﷺ). Lahat ng mga nagsagawa ng '***Shirk***,' na namatay nang hindi nakapagsisi at hindi itinuwid ang mga sarili mula sa mga '*dhulm*' (sukdulang kasamaan) na ito, ay mananatili sa Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan.

Muslim

Sinuman ang naniwala sa mensaheng dinala ng Propeta o Sugo, sa kapanahunang siya ay nasasakupan ng Propeta o Sugong yaon, na ang ibig sabihin ay naniwala siya at gumawa ng kabutihan, na isinuko niya ang kanyang buong sarili sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ), na ang Allâh (ﷻ) lamang ang bukod-tangi niyang sinamba at pinaglingkuran at hindi siya naglagay ng katambal sa pagsamba sa Kanya (Allâh ﷻ), at sinunod niya ang Sugong ipinadala sa kanila sa kanyang kapanahunan – ang taong gagawa o gumawa nito ay tatawaging isang '*Muslim*.' Ito ang talagang kahulugan ng salitang '*Muslim*' *– isinuko ang buong sarili sa Allâh ﷻ at gumawa ng kabutihan.*

Hindi tao ang siyang nagpangalan nito, kundi ang Nag-iisang Tagapaglikha, ang Allâh (ﷻ) Mismo ang Siyang nagbigay ng katawagan na '*Muslim*' sa lahat ng mga mananampalataya, kahit na noong una pa man, batay sa pagkakasaad ng huling Aklat na Qur'ân: "*Walang iba kundi Siya* (*Allâh* ﷻ) *ang nagpangalan sa inyo na mga Muslim noon at sa* (*Qur'ân*) *na ito*, *upang ang Sugo* (*na si Muhammad* ﷺ) *ang maging saksi sa inyo at kayo* (*naman*) *ay maging mga saksi sa sangkatauhan!"* (Ang pagkakasalin ng kahulugan, Qur'ân 22:78).

Sa madaling salita, ang lahat ng sumunod sa mga naunang Propeta at Sugo ay tinatawag na mga '*Muslim*,' maging ang mga Propeta at Sugo ay '*Muslim*' din ang katawagan sa kanila. Samakatuwid, ang salitang '*Muslim*' ay hindi lamang patungkol sa henerasyon sa ngayon; kundi ito ay patungkol din sa lahat ng naunang mga taong sumunod sa kani-kanilang mga Propeta at Sugo sa kani-kanilang kapanahunan. Ang salitang '*Muslim*' ay hindi maaaring itawag sa mga hindi nagsa-'*Salâh*' (na Muslim lang sa salita) at hindi talaga sumusunod sa kautusan ng Allâh (ﷻ) at sa katuruang dinala ng Kanyang Sugo.

Hindi dahil sa '*Muslim*' ang mga magulang nila ay '*Muslim*' na silang matatawag, gayong gumagawa naman sila ng kasamaan at lumalabag sa katuruan --- hindi! Upang maging '*Muslim*' ang isang tao, ay isasagawa niya ito at ipamumuhay. Isusuko niya ang kanyang buong sarili sa kagustuhan ng Allâh (ﷻ) (na ang ibig sabihin ay maniniwala siya sa Tunay na '*Deen*') at gagawa siya ng mga kabutihan – ito ang ganap na kaligtasan.

Muttaqûn – '*Al-Muttaqûn*' o '*Al-Muttaqin*' – mga taong matatapat, relihiyoso/relihiyosa, na kinatatakutan nang labis ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng pag-iwas sa lahat ng uri ng mga kasalanan at masasamang gawain na Kanyang ipinagbawal, at labis-labis na minamahal ang Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng paggawa sa lahat ng mga uri ng kabutihan na Kanyang ipinag-utos.

Qadr, Layl – '*Laylatul Qadr*' – Ang gabi ng '*Al-Qadr*' ay tumutukoy sa pinakadakilang gabi, pinili, pinarangalan at katangi-tanging gabi mula sa buwan ng Ramadhan. Ang gabi ng '*Al-Qadr*' ay higit pa kaysa sa isang libong buwan – (ang pagsamba sa Allâh ﷻ sa gabing yaon ay higit pa ang katumbas kaysa sa isang libong buwan ng pagsamba sa Kanya – mga 83 taon at 4 na buwan). Sa gabing yaon ay bumaba ang mga anghel at ang '*Ruh*' (si Anghel Jibril عليه السلام) sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ) kasama ang lahat ng mga kapasiyahan sa taong ('*year*') yaon.

Qiblah – Ang dako o direksiyon na kung saan humaharap ang mga Muslim sa tuwing sila ay magsasagawa ng '*Salâh*.'

Rabb – Ang salitang '*Ar-Rabb*' ay isa sa mga katangian ng Allâh (ﷻ), at ito talaga ang aktuwal na salitang ginamit sa Dakilang Qur'ân. Magkagayunpaman, sa lengguwaheng Filipino, walang angkop na salita ang maaaring itumbas upang maging kasingkahulugan ng salitang '*Rabb.*' Ito ay mangangailangan pa ng lubos na pagpapaliwanag upang maunawaan ito at di-mabigyan ng limitadong kahulugan. Ang ibig sabihin nito: ang Allâh (ﷻ), Siya ang Nag-iisa at Tanging Panginoon ng lahat ng bagay, ng mga kalangitan at kalupaan, at ang lahat ng nasa pagitan ng mga ito, Siya ang Tagapaglikha, ang Nagmamay-ari ng lahat, ang Hari, ang Pinakamakapangyarihan, ang Tagapamahala, ang Tagapangalaga, ang Tagapagkaloob, ang Tagapagpanatili, ang Tagapagtustos, ang Tagapagtatag, ang Pinakamapagmahal, ang Tagapagbigay ng kasiguruhan at iba pa. Kung kaya, hindi

makatarungang isalin lamang ito sa salitang '*Panginoon*' o '*Lord*' dahil sa mag-iiba ang kahulugan nito, na nagiging sanhi tuloy ng pagsamba ng ibang tao sa hindi talagang tunay na dapat sambahin. Kaya't iminumungkahi sa lahat na panatilihin ito sa orihinal nitong salita.

Raka`h* — Ang '*Salâh*' (o pagdarasal) ng mga Muslim ay binubuo ng mga '*Raka`t.' Sa Singgular o Pang-isahan, ito ay tinatawag na '*Raka`h*'– isang yunit ng '*Salâh*' na binubuo ng isang pagtayo, isang pagyuko, at dalawang pagpapatirapa at isang pag-upo sa pagitan nito.

Sahâbah — Ang mga taong nakaharap at nakasama ni Propeta Muhammad (ﷺ), sumunod at naniwala sa kanya at namatay bilang mga mananampalataya.

Sã-`i-bah — Ito ay isang babaing kamelyo na malayang pinakakawalan sa pastulan na inilalaan para sa pag-aalay sa mga idolo, at hindi ito pinahihintulutan na magpasan o magkarga ng kahit na ano.

Salâh — Ang salitang '*Arabic*' na '*Salâh*' (na isinalin sa wikang Filipino na *Pagdarasal*), sa literal na kahulugan nito ay '*panalangin*' o '*paghingi ng kahilingan.*' Ang Islamikong kahulugan nito ay ang pagsamba at pagluwalhati sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng partikular na mga salita at mga pagkilos, na nagsisimula sa pagsabi ng '*Takbîr*' – '*Allâhu Akbar*' (Ang Allâh ang Pinakadakila) at nagtatapos sa pamamagitan ng pagsabi ng '*Taslîm*' – na ito ay '*As-salâmu `alaykum wa rahmatullâhi wa barakâtuh*.' (ang kapayapaan, habag at mga biyaya ng Allâh ay sumainyo). Ang mga pagsa-'*Salâh*' na ito ay para lamang sa Allâh (ﷻ), na tanging ang Allâh (ﷻ) lamang ang Siyang may karapatan sa mga panalangin, na ang hangarin ay upang Luwalhatiin Siya. Ang lahat ng ating mga ginagawa ay para lamang sa Kanya: ang pag-aalay o pagsasakripisyo ay nararapat na gawin lamang para sa Pangalan ng Allâh, ang kawanggawa na ginagawa natin ay para lamang sa kaluguran ng Allâh (ﷻ), at ang pagpupunyagi o pakikipaglaban sa Daan ng Allâh (ﷻ) ay para lamang sa '*Deen*' ng Allâh (ﷻ).

Salâtul Khawf — Isang uri ng '*Salâh*' na isinasagawa sa oras ng labanan o pagkatakot.

(ﷺ) *Sal-lal-lâ-hu `a-lay-hi wa sal-lam*: Ang '*Salâh*' at '*Salâm*' ng Allâh (ﷻ) sa Kanyang Propetang si Muhammad (ﷺ) – ang '*Salâh*' ng Allâh (ﷻ) para kay Propeta Muhammad (ﷺ) ay ang Pagpuri Niya sa Propeta sa mga anghel na malalapit sa Kanya; na Siya, ang Allâh (ﷻ) ang Kataas-taasan, ay nasa ibabaw ng Kanyang '*Arsh* (ang Trono ng Allâh na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan), na nasa itaas ng ikapitong kalangitan. At gayundin ang mga anghel, siya (ﷺ) – ang Propeta ay pinupuri rin ng mga ito. At ang hinggil naman sa '*Salâm*' ng Allâh (ﷻ) ay ang Kanyang pangangalaga sa Propeta (ﷺ) mula sa kakulangan at anumang uri ng kasamaan. At kapag sinabi ng isang Muslim na (ﷺ) (*Sal-lal-lâ-hu* '*a-lay-hi wa sal-lam*), hinihiling niya sa Allâh (ﷻ) na ipagkaloob ang Kanyang Pagpuri at Katiwasayan kay Propeta Muhammad (ﷺ).

Shahid Namatay nang alang-alang sa Allâh (ﷻ).

Shaytân Satanas, pangmaramihan: *Shayâtin* – mga satanas. Si Iblîs ang pinakapinuno ng mga satanas, na siya ay mula sa lahi ng mga Jinn (Qur'ân 18:50).

Shirk Ang paglalagay ng katambal sa pagsamba sa Allâh (ﷻ) o paglalagay ng mga dakilang katangian sa iba bukod sa Allâh (ﷻ), gayong ang mga dakilang katangiang ito ay nauukol lamang sa Allâh (ﷻ). Sumamba sa mga idolo, santo, rebulto, imahen, mga diyus-diyusan, mga inanyuang bagay, mga tao, mga propeta at iba pa; mga pagano; nagturing na ang Allâh (ﷻ) ay mayroong anak, o kabilang sa tatlong persona, o may asawa; gumamit ng agimat, naniwala sa mga pamahiin, nagsagawa ng '*magic*' o salamangka, naniwala sa manghuhula, '*horoscope*,' guhit ng palad, '*chain letters*,' naniniwala na ang galaw ng mga bituin ay may kinalaman o nakakaapekto sa buhay ng tao at iba pa na mga katulad nito.

Nag-alay ng pagkain sa mga diyus-diyusan, rebulto, santo at iba pa na mga katulad nito – ang tinatawag na pag-aatang. Gumagamit ng tagapamagitan na tulad ng: pangungumpisal; o di kaya ay pinapadaan sa mga rebulto, santo, o imahen, o sa mga patay, ang mga kahilingan o panalangin; o di kaya ay kapag nagdarasal sinasabi sa duluhan ng panalangin na, sa pamamagitan o pangalan ni ganito o ganoon na aming tagapagligtas.

Paniniwala na ang pinagmumulan ng kapangyarihan, kapinsalaan, kagandahang-loob at mga biyaya ay mula sa iba bukod sa Allâh (ﷻ).
Lahat ng mga nagsagawa ng '*Shirk,*' na namatay nang hindi nakapagsisi at hindi itinuwid ang mga sarili mula sa mga '*dhulm*' (sukdulang kasamaan) na ito, ay mananatili sa Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan.

Sihr — Tumutukoy ito sa lahat ng mga sangay ng madyik (mahika), kasama rito ang pagsasalamangka, panggagayuma, pangkukulam, panghuhula at iba pa na mga kauri nito.

(ﷻ) — '*Sub-hâ-na-hu wa ta'âla*'– Luwalhati sa Allâh (ﷻ) ang Ligtas sa lahat ng mga di-kaganapan o anumang kakulangan, at ang Kataas-Taasan.

Sujud — '*As-Sujud*' – isang kaayusang nakapatirapa, na ang noo, ilong, mga palad ng dalawang kamay, ang mga tuhod at ang mga daliri ng dalawang paa ay nakalapat sa lapag.

Sunnah — Mga naaalinsunod na pamamaraan o mga pamamaraan, mga pag-aatas, mga sinang-ayunan, mga uri ng pagsamba at mga pananalita ni Propeta Muhammad (ﷺ) na naging pamantayan ng mga Muslim sa pagsunod.

Tabâraka wa Ta`ala — Ang Kabanal-Banalan at ang Kataas-Taasan.

Talbîyah — "*Lab-bay-kal lâ-hum-ma lab-bayk! Lab-bay-ka lâ sha-ree-ka laka lab-bayk. In-nal ham-da wan-ni`mata, laka wal mulk, lâ sha-ree-ka lak.*" Ang pagkakasalin ng kahulugan: "*Narito ako bilang pagtugon sa ipinag-utos Mo, O Allâh*; *Narito ako bilang pagtugon sa Iyong panawagan at Narito ako na hindi nagtatambal sa pagsamba ng sinuman sa Iyo, naririto ako*; *katiyakan ang pagpupuri, ang biyaya at ang kaharian ay sa Iyo lamang*; *at wala Kang katambal sa pagsamba sa Iyo*."

Tâghût — Saklaw nito ang malawak na kahulugan: Ito ay tumutukoy sa sinumang sinamba bukod sa Tunay na Tagapaglikha (Allâh ﷻ), lahat ng mga huwad na sinamba. Maaaring ito ay si satanas, mga demonyo, mga idolo, mga bato, araw, mga bituin, mga tao, na sinamba nang mali at itinuring na '*tâghût*.' Gayundin ang mga

santo, mga libingan, mga pinuno, at mga kilalang tao na mga nasamba nang mali at nasunod nang mali, subali't ang sinumang hindi tinanggap na siya ay sambahin ay hindi kabilang sa '*tâghût*.'

Tahajjûd — Isang uri ng '*Salâh* na hindi obligado na isinasagawa pagkatapos ng '*Salâtul `Ishâ*`' hanggang bago mag-'*Salâtul Fajr*.' Bagama't hindi ito obligado sa mga Muslim subali't marami itong maidudulot na kabutihan na pang-ispirituwal at pangkatawan.

Tayammum — Ang panghalili kapag walang tubig at nais magsagawa ng '*wudhû*`' o paghuhugas, o may mas mahalagang paggagamitan ang tubig dahil sa limitado lamang ang '*supply*,' o di kaya ay makasasama ang paggamit ng tubig dahil sa may sakit o iba pang kadahilanan. Ang isang pamamaraan ng pagsasagawa nito ay idadampi ang mga palad (ng kamay) sa alikabok o di kaya ay sa malinis na lupa o buhangin, at pagkatapos ay hihipan ang mga alikabok nito at ipapadaan o ipapahid ang mga ito sa mukha, at pagkatapos ay sa magkabilang likuran ng palad.

`Uhud* — Isa sa mga kilalang bundok sa Al-Madinah, na kung saan sa paanan ng bundok na ito naganap ang dakilang labanan sa kasaysayan ng Islâm noong kapanahunan ni Propeta Muhammad (ﷺ). Ang labanang ito ay tinawag na '*Ghazwah `Uhud' – ang Labanan sa `Uhud.

`Umrah* — Ang paglalakbay patungong Makkah – ang banal na lugar, upang isagawa ang '*Tawâf*' o pag-ikot sa paligid ng '*Ka`bah' at pagsasagawa ng '*Sa*`e*y*' o paglalakad (paroon at parito) sa dalawang maliliit na mga bundok ng '*As-Safa*' at '*Al-Marwah*.' Ito ay isinasagawa sa anumang oras sa buong taon. Ang ''*Umrah*' ay tinatawag ding '*Lesser Pilgrimage*' sa wikang Inggles.

Wasĩlah — Ito ay isang babaing kamelyo na pinakawalan para sa mga idolo dahil sa nanganak ito ng dalawang magkakasunod na panganganak na babaing kamelyo

Wudhû` — Paghuhugas o paglilinis sa pamamagitan ng tubig, na huhugasan ang mukha at mga kamay hanggang mga siko, papahiran ang ulo at mga tainga ng mga basang daliri, at huhugasan ang mga paa

pati ang mga pagitan ng mga daliri nito, hanggang mga bukung-bukong para sa layunin na magsasagawa ng '*Salâh*' o di kaya ay '*Tawâf*' sa '*Ka`bah*' o anumang kadahilanan maliban dito.

Zakâh — Sa Islamikong kahulugan, ang '*Zakâh*' ay karapatan ng Allâh (ﷻ) sa kayamanan ng mga Muslim. At kung sa pang-agham na wika naman, ito ay may dalawang kahulugan. Kapwa ito nangangahulugan ng pagpapakadalisay at pagpapaunlad. Pagpapakadalisay, sapagka't ang ating mga kayamanan ay nililinis sa pamamagitan ng paglalaan ng bahagi nito para sa mga dukha at sa mga nangangailangang itinakda ng Islâm. Pagpapaunlad, sapagka't ang kahalintulad nito ay ang pagtagpas sa sanga ng halaman na nagiging sanhi ng pag-usbong ng panibagong mga sanga upang ito ay lalong yumabong, sa kapahintulutan ng Allâh (ﷻ), ang Kataas-taasan at Malaya mula sa lahat ng di-kaganapan at sa anumang kakulangan.